# Holy Bible

## *Aionian* Edition®

## Tagalog Ang Biblia
## Tagalog Holy Bible

AionianBible.org
Ang unang banal na Bibliya at pagsasalin
100% na libreng kumopya at mag print
kilala rin bilang “ ang Lilang Bibliya ”

*Holy Bible Aionian Edition* ®
Tagalog Ang Biblia
Tagalog Holy Bible

Creative Commons Attribution 4.0 International, 2018-2024
Source text: Crosswire.org
Source version: 7/17/2013
Source copyright: Public Domain
Philippines Bible Society, 1905

Formatted by Speedata Publisher 4.19.20 (Pro) on 9/2/2024
100% Free to Copy and Print
TOR Anonymously
https://AionianBible.org

Published by Nainoia Inc
https://Nainoia-Inc.signedon.net

We pray for a modern Creative Commons translation in every language
Translator resources at https://AionianBible.org/Third-Party-Publisher-Resources
Report content and format concerns to Nainoia Inc
Volunteer help is welcome and appreciated!

*Celebrate Jesus Christ's victory of grace!*

# Paunang Salita

Tagalog at AionianBible.org/Preface

The *Holy Bible Aionian Edition* ® is the world's first Bible *un-translation*! What is an *un-translation*? Bibles are translated into each of our languages from the original Hebrew, Aramaic, and Koine Greek. Occasionally, the best word translation cannot be found and these words are transliterated letter by letter. Four well known transliterations are *Christ*, *baptism*, *angel*, and *apostle*. The meaning is then preserved more accurately through context and a dictionary. The Aionian Bible un-translates and instead transliterates eleven additional Aionian Glossary words to help us better understand God's love for individuals and all mankind, and the nature of afterlife destinies.

The first three words are *aiōn*, *aiōnios*, and *aïdios*, typically translated as *eternal* and also *world* or *eon*. The Aionian Bible is named after an alternative spelling of *aiōnios*. Consider that researchers question if *aiōn* and *aiōnios* actually mean *eternal*. Translating *aiōn* as *eternal* in Matthew 28:20 makes no sense, as all agree. The Greek word for *eternal* is *aïdios*, used in Romans 1:20 about God and in Jude 6 about demon imprisonment. Yet what about *aiōnios* in John 3:16? Certainly we do not question whether salvation is eternal! However, *aiōnios* means something much more wonderful than infinite time! Ancient Greeks used *aiōn* to mean *eon* or *age*. They also used the adjective *aiōnios* to mean *entirety*, such as *complete* or even *consummate*, but never infinite time. Read Dr. Heleen Keizer and Ramelli and Konstan for proofs. So *aiōnios* is the perfect description of God's Word which has *everything* we need for life and godliness! And the *aiōnios* life promised in John 3:16 is not simply a ticket to eternal life in the future, but the invitation through faith to the *consummate* life beginning now!

The next seven words are *Sheol*, *Hadēs*, *Geenna*, *Tartaroō*, *Abyssos*, and *Limnē Pyr*. These words are often translated as *Hell*, the place of eternal punishment. However, *Hell* is ill-defined when compared with the Hebrew and Greek. For example, *Sheol* is the abode of deceased believers and unbelievers and should never be translated as *Hell*. *Hadēs* is a temporary place of punishment, Revelation 20:13-14. *Geenna* is the Valley of Hinnom, Jerusalem's refuse dump, a temporal judgment for sin. *Tartaroō* is a prison for demons, mentioned once in 2 Peter 2:4. *Abyssos* is a temporary prison for the Beast and Satan. Translators are also inconsistent because *Hell* is used by the King James Version 54 times, the New International Version 14 times, and the World English Bible zero times. Finally, *Limnē Pyr* is the Lake of Fire, yet Matthew 25:41 explains that these fires are prepared for the Devil and his angels. So there is reason to review our conclusions about the destinies of redeemed mankind and fallen angels.

The eleventh word, *eleēsē*, reveals the grand conclusion of grace in Romans 11:32. Take the time to understand these eleven words. The original translation is unaltered and a note is added to 64 Old Testament and 200 New Testament verses. To help parallel study and Strong's Concordance use, apocryphal text is removed and most variant verse numbering is mapped to the English standard. We thank our sources at eBible.org, Crosswire.org, unbound.Biola.edu, Bible4u.net, and NHEB.net. The Aionian Bible is copyrighted with creativecommons.org/licenses/by/4.0, allowing 100% freedom to copy and print, if respecting source copyrights. Check the Reader's Guide and read online at AionianBible.org, with Android, and TOR network. Why purple? King Jesus' Word is royal… and purple is the color of royalty!

# History

Tagalog at AionianBible.org/History

04/15/85 - Aionian Bible conceived as B. and J. pray.
12/18/13 - Aionian Bible announced as J. and J. pray.
06/21/15 - Aionian Bible birthed as G. and J. pray.
01/11/16 - AionianBible.org domain registered.
06/21/16 - 30 translations available in 12 languages.
12/07/16 - Nainoia Inc established as non-profit corporation.
01/01/17 - Creative Commons Attribution No Derivatives 4.0 license added.
01/16/17 - Aionian Bible Google Play Store App published.
07/01/17 - 'The Purple Bible' nickname begins.
07/30/17 - 42 translations now available in 22 languages.
02/01/18 - Holy Bible Aionian Edition® trademark registered.
03/06/18 - Aionian Bibles available in print at Amazon.com.
10/20/18 - 70 translations now available in 33 languages.
11/17/18 - 104 translations now available in 57 languages.
03/24/19 - 135 translations now available in 67 languages.
10/28/19 - Aionian Bible nursed as J. and J. pray.
10/31/19 - 174 translations now available in 74 languages.
02/22/20 - Aionian Bibles available in print at Lulu.com.
05/25/20 - Illustrations by Gustave Doré, La Grande Bible de Tours, Felix Just.
08/29/20 - Aionian Bibles now available in ePub format.
12/01/20 - Right to left and Hindic languages now available in PDF format.
03/31/21 - 214 translations now available in 99 languages.
11/17/21 - Aionian Bible Branded Leather Bible Covers now available.
12/20/21 - Social media presence on Facebook, Twitter, LinkedIn, YouTube, etc.
01/01/22 - 216 translations now available in 99 languages.
01/09/22 - StudyPack resources for Bible translation study.
02/14/22 - Strong's Concordance from Open Scriptures and STEPBible.
02/14/23 - Aionian Bible published on the TOR Network.
12/04/23 - Eleēsē added to the Aionian Glossary.
02/04/24 - 352 translations now available in 142 languages.
05/01/24 - 370 translations now available in 164 languages.
08/05/24 - 377 translations now available in 166 languages.
08/18/24 - Creative Commons Attribution 4.0 International, if source allows.

# Talaan ng Nilalaman

## BAGONG TIPAN


Genesis ..........11
Exodo .......... 54
Levitico .......... 90
Mga Bilang ..........117
Deuteronomio .......... 154
Josue .......... 185
Mga Hukom .......... 206
Ruth .......... 228
1 Samuel .......... 231
2 Samuel .......... 260
1 Mga Hari .......... 284
2 Mga Hari .......... 312
1 Mga Cronica .......... 338
2 Mga Cronica .......... 363
Ezra .......... 394
Nehemias .......... 403
Ester .......... 416
Job .......... 423
Mga Awit .......... 445
Mga Kawikaan .......... 498
Mangangaral .......... 517
Awit ng mga Awit .......... 524
Isaias .......... 528
Jeremias .......... 571
Panaghoy .......... 620
Ezekiel .......... 625
Daniel .......... 669
Hosea .......... 683
Joel .......... 690
Amos .......... 693
Obadias .......... 698
Jonas .......... 699
Mikas .......... 701
Nahum .......... 705
Habacuc .......... 707
Zefanias .......... 709
Hagai ..........711
Zacarias .......... 713
Malakias .......... 721



## LUMANG TIPAN


Mateo .......... 727
Marcos .......... 756
Lucas .......... 774
Juan .......... 804
Mga Gawa .......... 827
Mga Roma .......... 856
1 Mga Corinto .......... 868
2 Mga Corinto .......... 880
Mga Galacia .......... 888
Mga Efeso .......... 892
Mga Filipos .......... 896
Mga Colosas .......... 899
1 Mga Tesalonica .......... 902
2 Mga Tesalonica .......... 905
1 Timoteo .......... 907
2 Timoteo ..........911
Tito .......... 914
Filemon .......... 916
Mga Hebreo .......... 917
Santiago .......... 926
1 Pedro .......... 930
2 Pedro .......... 934
1 Juan .......... 937
2 Juan .......... 940
3 Juan .......... 941
Judas .......... 942
Pahayag .......... 943


## APENDIKS


Gabay sa mga Mambabasa
Glossary
Mapa
Itinalaga
Mga Ilustrasyon, Doré

# BAGONG TIPAN




*Ano pa't itinaboy ang lalake; at inilagay sa silanganan ng halamanan ng Eden*
*ang mga Querubin at ang isang nagniningas na tabak na umiikot,*
*upang ingatan ang daang patungo sa kahoy ng buhay.*
Genesis 3:24

# Genesis

1 Nang pasimula ay nilikha ng Dios ang langit at ang
lupa. 2 At ang lupa ay walang anyo at walang laman;
at ang kadiliman ay sumasa ibabaw ng kalaliman; at ang
Espiritu ng Dios ay sumasa ibabaw ng tubig. 3 At sinabi
ng Dios Magkaroon ng liwanag; at nagkaroon ng liwanag.
4 At nakita ng Dios ang liwanag na mabuti, at inihiwalay
ng Dios ang liwanag sa kadiliman. 5 At tinawag ng Dios
ang liwanag na Araw, at tinawag niya ang kadiliman na
Gabi. At nagkahapon at nagkaumaga ang unang araw.
6 At sinabi ng Dios, Magkaroon ng isang kalawakan sa
gitna ng tubig, at mahiwalay ang tubig sa kapuwa tubig.
7 At ginawa ng Dios ang kalawakan, at inihiwalay ang
tubig na nasa ilalim ng kalawakan, sa tubig na nasa itaas
ng kalawakan: at nagkagayon. 8 At tinawag ng Dios ang
kalawakan na Langit. At nagkahapon at nagkaumaga ang
ikalawang araw. 9 At sinabi ng Dios, Mapisan ang tubig na
nasa silong ng langit sa isang dako, at lumitaw ang katuyuan,
at nagkagayon. 10 At tinawag ng Dios ang katuyuan na Lupa,
at ang kapisanan ng tubig ay tinawag niyang mga Dagat: at
nakita ng Dios na mabuti. 11 At sinabi ng Dios, Sibulan ang
lupa ng damo, pananim na nagkakabinhi, at punong kahoy
na namumunga ayon sa kaniyang pagkakahoy, na taglay
ang kaniyang binhi sa ibabaw ng lupa, at nagkagayon. 12 At
ang lupa ay sinibulan ng damo, pananim na nagkakabinhi,
ayon sa kaniyang pagkapananim, at ng punong kahoy na
namumunga, na taglay ang kaniyang binhi, ayon sa kaniyang
pagkakahoy, at nakita ng Dios na mabuti. 13 At nagkahapon
at nagkaumaga ang ikatlong araw. 14 At sinabi ng Dios,
Magkaroon ng mga tanglaw sa kalawakan ng langit upang
maghiwalay ng araw sa gabi; at maging pinakatanda, at
pinakabahagi ng panahon, ng mga araw at ng mga taon: 15
At maging pinakatanglaw sa kalawakan ng langit, upang
tumanglaw sa ibabaw ng lupa: at nagkagayon. 16 At nilikha
ng Dios ang dalawang malaking tanglaw; ang malaking
tanglaw ay upang magpuno sa araw, at ang maliit na
tanglaw ay upang magpuno sa gabi: nilikha rin niya ang mga
bituin. 17 At mga inilagay ng Dios sa kalawakan ng langit,
upang tumanglaw sa ibabaw ng lupa, 18 At upang magpuno
sa araw at sa gabi, at upang maghiwalay ng liwanag sa
kadiliman: at nakita ng Dios na mabuti. 19 At nagkahapon at
nagkaumaga ang ikaapat na araw. 20 At sinabi ng Dios,
Bukalan ng sagana ang tubig ng mga gumagalaw na kinapal
na may buhay, at magsilipad ang mga ibon sa itaas ng lupa
sa luwal na kalawakan ng himpapawid. 21 At nilikha ng
Dios ang malalaking hayop sa dagat, at ang bawa't may
buhay na kinapal na gumagalaw, na ibinukal na sagana ng
tubig, ayon sa kanikaniyang uri at ang lahat na may pakpak
na ibon, ayon sa kanikaniyang uri: at nakita ng Dios na
mabuti. 22 At mga binasbasan ng Dios, na sinabi, Kayo'y
magpalaanakin, at magpakarami, at inyong punuin ang tubig
sa mga dagat, at magpakarami ang mga ibon sa lupa. 23
At nagkahapon at nagkaumaga ang ikalimang araw. 24
At sinabi ng Dios, Bukalan ang lupa ng mga may buhay
na kinapal, ayon sa kanikaniyang uri ng hayop at ng mga
kinapal na umuusad, at ng mga ganid sa lupa, ayon sa
kanikaniyang uri: at nagkagayon. 25 At nilikha ng Dios ang
ganid sa lupa ayon sa kaniyang uri, at ang hayop ayon sa
kaniyang uri, at ang bawa't umuusad sa ibabaw ng lupa
ayon sa kanikaniyang uri: at nakita ng Dios na mabuti. 26
At sinabi ng Dios, Lalangin natin ang tao sa ating larawan,
ayon sa ating wangis: at magkaroon sila ng kapangyarihan
sa mga isda sa dagat, at sa mga ibon sa himpapawid, at
sa mga hayop, at sa buong lupa, at sa bawa't umuusad,
na nagsisiusad sa ibabaw ng lupa. 27 At nilalang ng Dios
ang tao ayon sa kaniyang sariling larawan, ayon sa larawan
ng Dios siya nilalang; nilalang niya sila na lalake at babae.
28 At sila'y binasbasan ng Dios, at sa kanila'y sinabi ng
Dios, Kayo'y magpalaanakin, at magpakarami, at kalatan
ninyo ang lupa, at inyong supilin; at magkaroon kayo ng
kapangyarihan sa mga isda sa dagat, at sa mga ibon sa
himpapawid, at sa bawa't hayop na gumagalaw sa ibabaw
ng lupa. 29 At sinabi ng Dios, Narito, ibinigay ko sa inyo
ang bawa't pananim na nagkakabinhi, na nasa ibabaw ng
balat ng lupa, at ang bawa't punong kahoy na may bunga
ng punong kahoy na nagkakabinhi; sa inyo'y magiging
pagkain: 30 At sa bawa't hayop sa lupa, at sa bawa't ibon sa
himpapawid; at sa bawa't nagsisiusad sa ibabaw ng lupa na
may buhay ay ibinigay ko ang lahat na pananim na sariwa
na pinakapagkain; at nagkagayon. 31 At nakita ng Dios
ang lahat ng kaniyang nilikha, at, narito, napakabuti. At
nagkahapon at nagkaumaga ang ikaanim na araw.

2 At nayari ang langit at ang lupa, at ang lahat na natatanaw
sa mga iyon. 2 At nang ikapitong araw ay nayari ng Dios
ang kaniyang gawang ginawa; at nagpahinga ng ikapitong
araw sa madlang gawa niyang ginawa. 3 At binasbasan ng
Dios ang ikapitong araw at kaniyang ipinangilin, sapagka't
siyang ipinagpahinga ng Dios sa madlang gawang kaniyang
nilikha at ginawa. 4 Ito ang pinangyarihan ng langit at ng
lupa, nang likhain noong araw, na gawin ng Panginoong
Dios ang lupa't langit. 5 At wala pa sa lupang kahoy sa
parang, at wala pang anomang pananim na tumutubo sa
parang: (sapagka't hindi pa pinauulanan ng Panginoong Dios
ang lupa) at wala pang taong magbukid ng lupa, 6 Nguni't
may isang ulap na napaitaas buhat sa lupa at dinilig ang
buong ibabaw ng lupa. 7 At nilalang ng Panginoong Dios
ang tao sa alabok ng lupa, at hiningahan ang kaniyang mga

butas ng ilong ng hininga ng buhay; at ang tao ay naging
kaluluwang may buhay. 8 At naglagay ang Panginoong Dios
ng isang halamanan sa Eden, sa dakong silanganan: at
inilagay niya roon ang taong kaniyang nilalang. 9 At pinatubo
ng Panginoong Dios sa lupa ang lahat na punong kahoy
na nakalulugod sa paningin, at mabubuting kanin; gayon
din ang punong kahoy ng buhay sa gitna ng halamanan, at
ang punong kahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama.
10 At may isang ilog na lumabas sa Eden na dumilig sa
halamanan; at mula roo'y nabahagi at nagapat na sanga. 11
Ang pangalan ng una ay Pison: na siyang lumiligid sa buong
lupain ng Havilah, na doo'y may ginto; 12 At ang ginto sa
lupang yao'y mabuti; mayroon din naman doong bedelio at
batong onix. 13 At ang pangalan ng ikalawang ilog ay Gihon;
na siyang lumiligid sa buong lupain ng Cush. 14 At ang
pangalan ng ikatlong ilog ay Hiddecel, na siyang umaagos
sa tapat ng Asiria. At ang ikaapat na ilog ay ang Eufrates.
15 At kinuha ng Panginoong Dios ang lalake at inilagay sa
halamanan ng Eden, upang kaniyang alagaan at ingatan. 16
At iniutos ng Panginoong Dios sa lalake, na sinabi, Sa lahat
ng punong kahoy sa halamanan ay makakakain ka na may
kalayaan: 17 Datapuwa't sa kahoy ng pagkakilala ng mabuti
at masama ay huwag kang kakain; sapagka't sa araw na
ikaw ay kumain niyaon ay walang pagsalang mamamatay ka.
18 At sinabi ng Panginoong Dios, Hindi mabuti na ang lalake
ay magisa; siya'y ilalalang ko ng isang katulong niya. 19 At
nilalang ng Panginoong Dios sa lupa ang lahat ng hayop sa
parang at ang lahat ng ibon sa himpapawid; at pinagdadala
sa lalake upang maalaman kung anong itatawag niya sa
mga iyon: at ang bawa't itinawag ng lalake sa bawa't kinapal
na may buhay ay yaon ang naging pangalan niyaon. 20
At pinanganlan ng lalake ang lahat ng mga hayop, at ang
mga ibon sa himpapawid, at ang bawa't ganid sa parang;
datapuwa't sa lalake ay walang nasumpungang maging
katulong niya. 21 At hinulugan ng Panginoong Dios ng di
kawasang himbing ang lalake, at siya'y natulog: at kinuha
ang isa sa kaniyang mga tadyang at pinapaghilom ang
laman sa dakong yaon: 22 At ang tadyang na kinuha ng
Panginoong Dios sa lalake ay ginawang isang babae, at ito'y
dinala niya sa lalake. 23 At sinabi ng lalake, Ito nga'y buto ng
aking mga buto at laman ng aking laman: siya'y tatawaging
Babae, sapagka't sa Lalake siya kinuha. 24 Kaya't iiwan ng
lalake ang kaniyang ama at ang kaniyang ina, at makikipisan
sa kaniyang asawa: at sila'y magiging isang laman. 25 At
sila'y kapuwa hubad, ang lalake at ang kaniyang asawa, at
sila'y hindi nagkakahiyaan.

3 Ang ahas nga ay lalong tuso kay sa alin man sa mga
hayop sa parang na nilikha ng Panginoong Dios. At
sinabi niya sa babae, Tunay bang sinabi ng Dios, Huwag
kayong kakain sa alin mang punong kahoy sa halamanan?
2 At sinabi ng babae sa ahas, Sa bunga ng mga punong
kahoy sa halamanan ay makakakain kami: 3 Datapuwa't
sa bunga ng punong kahoy na nasa gitna ng halamanan
ay sinabi ng Dios, Huwag kayong kakain niyaon, ni huwag
ninyong hihipuin, baka kayo'y mamatay. 4 At sinabi ng ahas
sa babae, Tunay na hindi kayo mamamatay: 5 Sapagka't
talastas ng Dios na sa araw na kayo'y kumain niyaon ay
madidilat nga ang inyong mga mata, at kayo'y magiging
parang Dios, na nakakakilala ng mabuti at masama. 6 At
nang makita ng babae, na ang bunga ng punong kahoy ay
mabuting kanin, at nakalulugod sa mga mata, at kahoy na
mananasa upang magpapantas sa tao, ay pumitas siya ng
bunga niyaon at kinain; at binigyan din niya ang kaniyang
asawang kasama niya, at ito'y kumain. 7 At nadilat kapuwa
ang kanilang mga mata, at kanilang nakilalang sila'y mga
hubad; at sila'y tumahi ng mga dahon ng puno ng igos, at
kanilang ginawang panapi. 8 At narinig nila ang tinig ng
Panginoong Dios na lumalakad sa halamanan sa kulimlim
ng araw: at nagtago ang lalake at ang kaniyang asawa sa
harapan ng Panginoong Dios sa pagitan ng mga punong
kahoy sa halamanan. 9 At tinawag ng Panginoong Dios
ang lalake at sa kaniya'y sinabi, Saan ka naroon? 10 At
sinabi niya, Narinig ko ang iyong tinig sa halamanan, at
ako'y natakot, sapagka't ako'y hubad; at ako'y nagtago. 11
At sinabi niya, Sinong nagsabi sa iyong ikaw ay hubad?
nakakain ka ba ng bunga ng punong kahoy, na iniutos ko
sa iyong huwag mong kanin? 12 At sinabi ng lalake, Ang
babaing ibinigay mong aking kasamahin, ay siyang nagbigay
sa akin ng bunga ng punong kahoy at aking kinain. 13
At sinabi ng Panginoong Dios sa babae, Ano itong iyong
ginawa? At sinabi ng babae, Dinaya ako ng ahas, at ako'y
kumain. 14 At sinabi ng Panginoong Dios sa ahas, Sapagka't
ginawa mo ito, ay sumpain ka ng higit sa lahat ng hayop,
at ng higit sa bawa't ganid sa parang; ang iyong tiyan ang
ilalakad mo, at alabok ang iyong kakanin sa lahat ng mga
araw ng iyong buhay: 15 At papagaalitin ko ikaw at ang
babae, at ang iyong binhi at ang kaniyang binhi: ito ang
dudurog ng iyong ulo, at ikaw ang dudurog ng kaniyang
sakong. 16 Sinabi niya sa babae, Pararamihin kong lubha
ang iyong kalumbayan at ang iyong paglilihi; manganganak
kang may kahirapan; at sa iyong asawa ay pahihinuhod ang
iyong kalooban, at siya'y papapanginoon sa iyo. 17 At kay
Adam ay sinabi, Sapagka't iyong dininig ang tinig ng iyong
asawa, at kumain ka ng bunga ng punong kahoy na aking
iniutos sa iyo na sinabi, Huwag kang kakain niyaon; sumpain
ang lupa dahil sa iyo; kakain ka sa kaniya sa pamamagitan
ng iyong pagpapagal sa lahat ng mga araw ng iyong buhay;
18 Ang isisibol niyaon sa iyo ay mga tinik at mga dawag; at

kakain ka ng pananim sa parang; **19** Sa pawis ng iyong
mukha ay kakain ka ng tinapay, hanggang sa ikaw ay mauwi
sa lupa; sapagka't diyan ka kinuha: sapagka't ikaw ay alabok
at sa alabok ka uuwi. **20** At tinawag na Eva ng lalake ang
kaniyang asawa, sapagka't siya ang naging ina ng lahat
ng mga nabubuhay. **21** At iginawa ng Panginoong Dios si
Adam at ang kaniyang asawa ng mga kasuutang balat at
sila'y dinamitan. **22** At sinabi ng Panginoong Dios, Narito't
ang tao'y naging parang isa sa atin, na nakakakilala ng
mabuti at ng masama; at baka ngayo'y iunat ang kaniyang
kamay at pumitas naman ng bunga ng punong kahoy ng
buhay, at kumain at mabuhay magpakailan man: **23** Kaya
pinalayas siya ng Panginoong Dios sa halamanan ng Eden,
upang kaniyang bukirin ang lupaing pinagkunan sa kaniya.
**24** Ano pa't itinaboy ang lalake; at inilagay sa silanganan
ng halamanan ng Eden ang mga Querubin at ang isang
nagniningas na tabak na umiikot, upang ingatan ang daang
patungo sa kahoy ng buhay.

**4** At nakilala ng lalake si Eva na kaniyang asawa; at siya'y
naglihi at ipinanganak si Cain, at sinabi, Nagkaanak
ako ng lalake sa tulong ng Panginoon. **2** At sa muli ay
ipinanganak ang kaniyang kapatid na si Abel. At si Abel
ay tagapagalaga ng mga tupa; datapuwa't si Cain ay
mangbubukid ng lupa. **3** At nangyari nang lumalakad ang
panahon ay nagdala si Cain ng isang handog na mga bunga
ng lupa sa Panginoon. **4** At nagdala rin naman si Abel ng
mga panganay ng kaniyang kawan at ng mga taba ng mga
yaon. At nilingap ng Panginoon si Abel at ang kaniyang
handog: **5** Datapuwa't hindi nilingap si Cain at ang kaniyang
handog. At naginit na mainam si Cain, at namanglaw ang
kaniyang mukha. **6** At sinabi ng Panginoon kay Cain, Bakit
ka naginit? at bakit namanglaw ang iyong mukha? **7** Kung
ikaw ay gumawa ng mabuti, di ba ikaw mamarapatin? at
kung hindi ka gumawa ng mabuti, ay nahahandusay ang
kasalanan sa pintuan: at sa iyo'y pahihinuhod ang kaniyang
nasa, at ikaw ang papanginoonin niya. **8** At yao'y sinabi ni
Cain sa kaniyang kapatid na kay Abel. At nangyari, nang
sila'y nasa parang ay nagtindig si Cain laban kay Abel na
kaniyang kapatid, at siya'y kaniyang pinatay. **9** At sinabi
ng Panginoon kay Cain, Saan naroon si Abel na iyong
kapatid? At sinabi niya, Aywan ko: ako ba'y tagapagbantay
sa aking kapatid? **10** At sinabi niya, Anong iyong ginawa?
ang tinig ng dugo ng iyong kapatid ay dumadaing sa akin
mula sa lupa. **11** At ngayo'y sinumpa ka sa lupa na siyang
nagbuka ng bibig na tumanggap sa iyong kamay ng dugo
ng iyong kapatid; **12** Pagbubukid mo ng lupa, ay di na
ibibigay mula ngayon sa iyo ang kaniyang lakas; ikaw ay
magiging palaboy at hampas-lupa sa lupa. **13** At sinabi ni
Cain sa Panginoon, Ang aking kaparusahan ay higit kaysa
mababata ko. **14** Narito, ako'y iyong itinataboy ngayon mula
sa ibabaw ng lupa, at sa iyong harapan ay magtatago ako;
at ako'y magiging palaboy at hampaslupa; at mangyayari,
na sinomang makasumpong sa akin ay papatayin ako. **15**
At sinabi sa kaniya ng Panginoon, Dahil dito'y sinomang
pumatay kay Cain ay makapitong gagantihan. At nilagyan
ng Panginoon ng isang tanda si Cain, baka siya'y sugatan
ng sinomang makakasumpong sa kaniya. **16** At umalis si
Cain sa harapan ng Panginoon at tumahan sa lupain ng
Nod, sa silanganan ng Eden. **17** At nakilala ni Cain ang
kaniyang asawa, at siya'y naglihi at ipinanganak si Enoc: at
siya'y nagtayo ng isang bayan at tinawag ang bayan ayon sa
pangalan ng kaniyang anak, Enoc. **18** At naging anak ni Enoc
si Irad; at naging anak ni Irad si Mehujael; at naging anak ni
Mehujael si Metusael; at naging anak ni Metusael si Lamec.
**19** At si Lamec ay nagasawa ng dalawa; ang pangalan
ng isa'y Ada, at ang pangalan ng ikalawa ay Zilla. **20** At
naging anak ni Ada si Jabal: na siyang naging magulang ng
nangagsisitahan sa mga tolda at may mga hayop. **21** At ang
pangalan ng kaniyang kapatid ay Jubal: na siyang naging
magulang ng lahat na tumutugtog ng alpa at ng flauta. **22**
At tungkol kay Zilla, ay ipinanganak naman niya si Tubal-
Cain na mamamanday ng lahat na kagamitang patalim na
tanso at bakal: at ang kapatid na babae ni Tubal-Cain ay si
Naama. **23** At sinabi ni Lamec sa kaniyang mga asawa:
Ada at Zilla pakinggan ninyo ang aking tinig: Kayong mga
asawa ni Lamec ay makinig ng aking salaysay: Sapagka't
pumatay ako ng isang tao, dahil sa ako'y sinugatan, At ng
isang binata, dahil sa ako'y hinampas. **24** Kung makapitong
gagantihan si Cain, tunay na si Lamec ay makapitong pung
pito. **25** At nakilalang muli ni Adam ang kaniyang asawa; at
nanganak ng isang lalake, at tinawag ang kaniyang pangalan
na Set; sapagka't aniya'y binigyan ako ng Dios ng ibang
anak na kahalili ni Abel; sapagka't siya'y pinatay ni Cain. **26**
At nagkaanak naman si Set ng isang lalake; at tinawag ang
kaniyang pangalan na Enos. Noon ay pinasimulan ng mga
tao ang pagtawag sa pangalan ng Panginoon.

**5** Ito ang aklat ng mga lahi ni Adam. Nang araw na lalangin
ng Dios ang tao, sa wangis ng Dios siya nilalang; **2** Lalake
at babae silang nilalang; at sila'y binasbasan, at tinawag na
Adam ang kanilang pangalan, nang araw na sila'y lalangin.
**3** At nabuhay si Adam ng isang daan at tatlong pung taon, at
nagkaanak ng isang lalaking kaniyang wangis na hawig sa
kaniyang larawan; at tinawag ang kaniyang pangalan na
Set: **4** At ang mga naging araw ni Adam, pagkatapos na
maipanganak si Set, ay walong daang taon: at nagkaanak
ng mga lalake at mga babae. **5** At ang lahat na araw na
ikinabuhay ni Adam ay siyam na raan at tatlong pung taon;
at siya'y namatay. **6** At nabuhay si Set ng isang daan at

limang taon at naging anak niya si Enos. **7** At nabuhay si
Set pagkatapos na maipanganak si Enos ng walong daan at
pitong taon; at nagkaanak ng mga lalake at mga babae: **8** At
ang lahat na naging araw ni Set ay siyam na raan at labing
dalawang taon: at siya'y namatay. **9** At nabuhay si Enos
ng siyam na pung taon, at naging anak si Cainan: **10** At
nabuhay si Enos, pagkatapos na maipanganak si Cainan, ng
walong daan at labing limang taon; at nagkaanak ng mga
lalake at mga babae: **11** At ang lahat na naging araw ni
Enos ay siyam na raan at limang taon, at siya'y namatay.
**12** At nabuhay si Cainan ng pitong pung taon, at naging
anak si Mahalaleel: **13** At nabuhay si Cainan, pagkatapos
na maipanganak si Mahalaleel, ng walong daan at apat na
pung taon, at nagkaanak ng mga lalake at mga babae: **14**
At ang lahat na naging araw ni Cainan, siyam na raan at
sangpung taon, at namatay. **15** At nabuhay si Mahalaleel
ng anim na pu't limang taon, at naging anak si Jared: **16**
At nabuhay si Mahalaleel, pagkatapos na maipanganak si
Jared, ng walong daan at tatlong pung taon, at nagkaanak
ng mga lalake at mga babae: **17** At ang lahat na naging
araw ni Mahalaleel ay walong daan at siyam na pu't limang
taon: at namatay. **18** At nabuhay si Jared ng isang daan at
anim na pu't dalawang taon, at naging anak si Enoc: **19** At
nabuhay si Jared, pagkatapos na maipanganak si Enoc, ng
walong daang taon, at nagkaanak ng mga lalake at mga
babae: **20** At ang lahat na naging araw ni Jared ay siyam
na raan at anim na pu't dalawang taon: at namatay. **21** At
nabuhay si Enoc na anim na pu't limang taon, at naging
anak si Matusalem: **22** At lumakad si Enoc na kasama ng
Dios, pagkatapos na maipanganak si Matusalem na tatlong
daang taon, at nagkaanak ng mga lalake at mga babae: **23**
At ang lahat na naging araw ni Enoc ay tatlong daan at anim
na pu't limang taon: **24** At lumakad si Enoc na kasama ng
Dios: at di siya nasumpungan, sapagka't kinuha ng Dios.
**25** At nabuhay si Matusalem ng isang daan at walong pu't
pitong taon; at naging anak si Lamec: **26** At nabuhay si
Matusalem pagkatapos na maipanganak si Lamec, ng pitong
daan at walong pu't dalawang taon; at nagkaanak ng mga
lalake at mga babae; **27** At ang lahat na naging araw ni
Matusalem ay siyam na raan at anim na pu't siyam na
taon: at siya'y namatay. **28** At nabuhay si Lamec ng isang
daan at walong pu't dalawang taon, at nagkaanak ng isang
lalake: **29** At tinawag ang kaniyang pangalan na Noe, na
sinabi, Ito nga ang aaliw sa atin tungkol sa ating gawa at sa
pinagpagalan ng ating mga kamay, dahil sa lupang sinumpa
ng Panginoon. **30** At nabuhay si Lamec, pagkatapos na
maipanganak si Noe, ng limang daan at siyam na pu't limang
taon, at nagkaanak ng mga lalake at mga babae: **31** At ang
lahat na naging araw ni Lamec ay pitong daan at pitong pu't
pitong taon: at namatay. **32** At si Noe ay may limang daang
taon: at naging anak ni Noe si Sem, si Cham, at si Japhet.

**6** At nangyari, nang magpasimula na dumami ang mga
tao sa balat ng lupa, at mangagkaanak ng mga babae,
**2** Na nakita ng mga anak ng Dios, na magaganda ang
mga anak na babae ng mga tao; at sila'y nangagsikuha ng
kanikaniyang asawa sa lahat ng kanilang pinili. **3** At sinabi
ng Panginoon, Ang aking Espiritu ay hindi makikipagpunyagi
sa tao magpakailan man, sapagka't siya ma'y laman: gayon
ma'y magiging isang daan at dalawang pung taon ang
kaniyang mga araw. **4** Ang mga higante ay nasa lupa ng
mga araw na yaon, at pagkatapos din naman na makasiping
ang mga anak ng Dios sa mga anak na babae ng tao, at
mangagkaanak sila sa kanila: ang mga ito rin ang naging
makapangyarihan nang unang panahon na mga lalaking
bantog. **5** At nakita ng Panginoon na mabigat ang kasamaan
ng tao sa lupa, at ang buong haka ng mga pagiisip ng
kaniyang puso ay pawang masama lamang na parati. **6** At
nagsisi ang Panginoon na kaniyang nilalang ang tao sa lupa,
at nalumbay sa kaniyang puso. **7** At sinabi ng Panginoon,
Lilipulin ko ang tao na aking nilalang sa ibabaw ng lupa; ang
tao at gayon din ang hayop, at ang mga umuusad at ang
mga ibon sa himpapawid; sapagka't pinagsisisihan ko na
aking nilalang sila. **8** Datapuwa't si Noe ay nakasumpong
ng biyaya sa mga mata ng Panginoon. **9** Ito ang mga
lahi ni Noe. Si Noe ay lalaking matuwid at sakdal noong
kapanahunan niya: si Noe ay lumalakad na kasama ng Dios.
**10** At nagkaanak si Noe ng tatlong lalake: si Sem, si Cham,
at si Japhet. **11** At sumama ang lupa sa harap ng Dios, at
ang lupa ay napuno ng karahasan. **12** At tiningnan ng Dios
ang lupa, at, narito sumama; sapagka't pinasama ng lahat ng
tao ang kanilang paglakad sa ibabaw ng lupa. **13** At sinabi
ng Dios kay Noe, Ang wakas ng lahat ng tao ay dumating
sa harap ko; sapagka't ang lupa ay napuno ng karahasan
dahil sa kanila; at, narito, sila'y aking lilipuling kalakip ng
lupa. **14** Gumawa ka ng isang sasakyang kahoy na gofer;
gagawa ka ng mga silid sa sasakyan, at iyong sisiksikan sa
loob at sa labas ng sahing. **15** At ganitong paraan gagawin
mo: tatlong daang siko ang haba ng sasakyan, limang pung
siko ang luwang, at tatlong pung siko ang taas. **16** Gagawa
ka ng isang durungawan sa sasakyan; at wawakasan mo
ng isang siko sa dakong itaas; at ang pintuan ng sasakyan
ay ilalagay mo sa tagiliran; gagawin mong may lapag na
lalong mababa, pangalawa at pangatlo. **17** At ako, narito,
ako'y magpapadagsa ng isang baha ng tubig sa ibabaw
ng lupa, upang lipulin sa silong ng langit ang lahat ng
laman na may hininga ng buhay; ang lahat na nasa lupa ay
mangamamatay. **18** Datapuwa't pagtitibayin ko ang aking
tipan sa iyo; at ikaw ay lulan sa sasakyan, ikaw, at ang

iyong mga anak na lalake, at ang iyong asawa, at ang
mga asawa ng iyong mga anak na kasama mo. 19 At sa
bawa't nangabubuhay, sa lahat ng laman ay maglululan
ka sa loob ng sasakyan ng dalawa sa bawa't uri upang
maingatan silang buhay, na kasama mo; lalake at babae
ang kinakailangan. 20 Sa mga ibon ayon sa kanikanilang
uri, at sa mga hayop ayon sa kanikanilang uri, sa bawa't
nagsisiusad, ayon sa kanikanilang uri, dalawa sa bawa't uri,
ay isasama mo sa iyo, upang maingatan silang buhay. 21 At
magbaon ka ng lahat na pagkain na kinakain, at imbakin mo
sa iyo; at magiging pagkain mo at nila. 22 Gayon ginawa ni
Noe; ayon sa lahat na iniutos sa kaniya ng Dios, ay gayon
ang ginawa niya.

**7** At sinabi ng Panginoon kay Noe, Lumulan ka at ang
iyong buong sangbahayan sa sasakyan; sapagka't ikaw
ay aking nakitang matuwid sa harap ko sa panahong ito. 2
Sa bawa't malinis na hayop ay kukuha ka ng tigpipito, ng
lalake at ng kaniyang babae; at sa mga hayop na hindi
malinis ay dalawa, ng lalake at ng kaniyang babae; 3 Gayon
din naman sa mga ibon sa himpapawid tigpipito, ng lalake
at ng babae; upang ingatang binhing buhay sa ibabaw ng
buong lupa. 4 Sapagka't pitong araw pa, at pauulanan ko
na ang ibabaw ng lupa ng apat na pung araw at apat na
pung gabi, at aking lilipulin ang lahat ng may buhay na
aking nilikha sa balat ng lupa. 5 At ginawa ni Noe ayon sa
lahat na iniutos sa kaniya ng Panginoon. 6 At may anim na
raang taon si Noe nang ang baha ng tubig ay dumagsa sa
ibabaw ng lupa. 7 At lumulan sa sasakyan si Noe at ang
kaniyang mga anak, at ang kaniyang asawa, at ang mga
asawa ng kaniyang mga anak, dahil sa tubig ng baha. 8 Sa
mga hayop na malinis, at sa mga hayop na hindi malinis, at
sa mga ibon at sa bawa't umuusad sa ibabaw ng lupa, 9 Ay
dalawa't dalawang dumating kay Noe sa sasakyan, na lalake
at babae ayon sa iniutos ng Dios kay Noe. 10 At nangyari na
pagkaraan ng pitong araw, na ang tubig ng baha ay umapaw
sa ibabaw ng lupa. 11 Sa ikaanim na raang taon ng buhay ni
Noe, nang ikalawang buwan, sa ikalabing pitong araw ng
buwan, nang araw ding yaon, ay nangasira ang lahat ng
bukal ng lubhang kalaliman, at ang mga durungawan ng
langit ay nabuksan. 12 At umulan sa ibabaw ng lupa ng
apat na pung araw at apat na pung gabi. 13 Nang araw ding
yaon, ay lumulan sa sasakyan si Noe, at si Sem, at si Cham,
at si Japhet, na mga anak ni Noe, at ang asawa ni Noe, at
ang tatlong asawa ng kaniyang mga anak na kasama nila;
14 Sila, at ang bawa't hayop gubat ayon sa kanikanilang uri,
at lahat ng hayop na maamo ayon sa kanikanilang uri, at
bawa't umuusad sa ibabaw ng lupa ayon sa kanikanilang uri,
at bawa't ibon ayon sa kanikanilang uri, lahat ng sarisaring
ibon. 15 At nagsidating kay Noe sa sasakyan na dalawa't
dalawa, ang lahat ng hayop na may hinga ng buhay. 16 At
ang mga nagsilulan, ay lumulang lalake at babae, ng lahat
na laman, gaya ng iniutos sa kaniya ng Dios: at kinulong
siya ng Panginoon. 17 At tumagal ang baha ng apat na pung
araw sa ibabaw ng lupa; at lumaki ang tubig at lumutang ang
sasakyan, at nataas sa ibabaw ng lupa. 18 At dumagsa ang
tubig at lumaking mainam sa ibabaw ng lupa; at lumutang
ang sasakyan sa ibabaw ng tubig. 19 At dumagsang lubha
ang tubig sa ibabaw ng lupa: at inapawan ang lahat na
mataas na bundok na nasa silong ng buong langit. 20 Labing
limang siko ang lalim na idinagsa ng tubig; at inapawan ang
mga bundok. 21 At namatay ang lahat ng lamang gumagalaw
sa ibabaw ng lupa, ang mga ibon at gayon din ang hayop, at
ang hayop gubat, at ang bawa't nagsisiusad na umuusad
sa ibabaw ng lupa, at ang bawa't tao. 22 Ang bawa't may
hinga ng diwa ng buhay sa kanilang ilong, lahat na nasa
lupang tuyo ay namatay. 23 At nilipol ang bawa't may buhay
na nasa ibabaw ng lupa, ang tao at gayon din ang hayop,
at ang mga umuusad at ang mga ibon sa himpapawid; at
sila'y nalipol sa lupa: at ang natira lamang, ay si Noe at ang
mga kasama niya sa sasakyan. 24 At tumagal ang tubig sa
ibabaw ng lupa, ng isang daan at limang pung araw.

**8** At naalaala ng Dios si Noe, at ang lahat ng may buhay,
at ang lahat ng hayop na kasama niya sa sasakyan: at
nagpahihip ang Dios ng isang hangin sa ibabaw ng lupa,
at humupa ang tubig; 2 Natakpan din ang mga bukal ng
kalaliman at ang mga dungawan ng langit, at napigil ang
ulan sa langit; 3 At humupang patuloy ang tubig sa lupa; at
kumati ang tubig pagkaraan ng isang daan at limang pung
araw. 4 At sumadsad ang sasakyan nang ikapitong buwan,
nang ikalabing pitong araw ng buwan, sa ibabaw ng mga
bundok ng Ararat. 5 At ang tubig ay nagpatuloy ng paghupa
hanggang sa ikasangpung buwan: nang ikasangpung buwan,
nang unang araw ng buwan, ay nakita ang mga taluktok ng
mga bundok. 6 At nangyari, pagkaraan ng apat na pung
araw, na binuksan ni Noe ang dungawan ng sasakyan na
kaniyang ginawa: 7 At siya'y nagpalipad ng isang uwak, at
ito'y nagparoo't parito hanggang sa natuyo ang tubig sa lupa.
8 At nagpalipad siya ng isang kalapati, upang tingnan kung
humupa na ang tubig sa ibabaw ng lupa. 9 Datapuwa't hindi
nakasumpong ang kalapati ng madapuan ng talampakan ng
kaniyang paa, at nagbalik sa kaniya sa sasakyan, sapagka't
ang tubig ay nangasa ibabaw pa ng buong lupa: at iniunat
ang kaniyang kamay at hinawakan, at ipinasok niya sa
sasakyan. 10 At naghintay pa ng muling pitong araw; at
muling pinalipad ang kalapati sa labas ng sasakyan; 11 At
ang kalapati ay nagbalik sa kaniya ng dakong hapon; at,
narito't may dalang isang dahong sariwa ng olivo sa tuka: sa
gayon ay naunawa ni Noe na humupa na ang tubig sa lupa.

12 At naghintay pang muli siya ng pitong araw; at pinalipad
ang kalapati; at hindi na muling nagbalik pa sa kaniya. 13 At
nangyari, nang taong ikaanim na raan at isa, nang unang
buwan, nang unang araw ng buwan, ay natuyo ang tubig
sa ibabaw ng lupa: at inalis ni Noe ang takip ng sasakyan
at tumanaw siya, at, narito't ang ibabaw ng lupa ay tuyo.
14 At nang ikalawang buwan nang ikadalawang pu't pitong
araw ng buwan, ay natuyo ang lupa. 15 At nagsalita ang
Dios kay Noe, na sinasabi, 16 Lumunsad ka sa sasakyan,
ikaw at ang iyong asawa, at ang iyong mga anak, at ang
mga asawa ng iyong mga anak na kasama mo. 17 Ilabas
mong kasama mo ang bawa't may buhay na kasama mo sa
lahat ng laman, ang mga ibon, at ang mga hayop, at ang
bawa't nagsisiusad na umuusad sa ibabaw ng lupa; upang
magsipanganak ng sagana sa lupa, at magpalaanakin, at
mangagsidami sa ibabaw ng lupa. 18 At lumunsad si Noe, at
ang kaniyang mga anak, at ang kaniyang asawa, at ang
mga asawa ng kaniyang mga anak na kasama niya: 19 Ang
bawa't hayop, bawa't umuusad, at bawa't ibon, anomang
gumagalaw sa ibabaw ng lupa ayon sa kanikaniyang angkan
ay nangagsilunsad sa sasakyan. 20 At ipinagtayo ni Noe
ng isang dambana ang Panginoon; at kumuha sa lahat na
malinis na hayop, at sa lahat na malinis na ibon, at nagalay
ng mga handog na susunugin sa ibabaw ng dambana. 21 At
sinamyo ng Panginoon ang masarap na amoy; at nagsabi
ang Panginoon sa sarili, Hindi ko na muling susumpain ang
lupa, dahil sa tao, sapagka't ang haka ng puso ng tao ay
masama mula sa kaniyang pagkabata; ni hindi ko na muling
lilipulin pa ang lahat na nabubuhay na gaya ng aking ginawa.
22 Samantalang ang lupa ay lumalagi, ay hindi maglilikat ang
paghahasik at pagaani, at ang lamig at init, at ang tagaraw
at taginaw, at ang araw at gabi.

9 At binasbasan ng Dios si Noe at ang kaniyang mga
anak, at sa kanila'y sinabi, Kayo'y magpalaanakin, at
magpakarami at inyong kalatan ang lupa. 2 At ang takot sa
inyo at sindak sa inyo ay mapapasa bawa't hayop sa lupa,
at sa bawa't ibon sa himpapawid; lahat ng umuusad sa lupa,
at lahat ng isda sa dagat, ay ibinibigay sa inyong kamay.
3 Bawa't gumagalaw na nabubuhay ay magiging pagkain
ninyo; gaya ng mga sariwang pananim na lahat ay ibinibigay
ko sa inyo. 4 Nguni't ang lamang may buhay, na siya niyang
dugo, ay huwag ninyong kakanin. 5 At tunay na hihingan ko
ng sulit ang inyong dugo, ang dugo ng inyong mga buhay: sa
kamay ng bawa't ganid ay hihingan ko ng sulit; at sa kamay
ng tao, sa kamay ng bawa't kapatid ng tao ay hihingan ko ng
sulit ang buhay ng tao. 6 Ang magbubo ng dugo ng tao,
sa pamamagitan ng tao ay mabububo ang kaniyang dugo:
sapagka't sa larawan ng Dios nilalang ang tao. 7 At kayo'y
magpalaanakin at magpakarami; magsilago kayo ng sagana
sa lupa, at kayo'y magsidami riyan. 8 At nagsalita ang Dios
kay Noe, at sa kaniyang mga anak na kasama niya, na
sinasabi, 9 At ako, narito, aking pinagtitibay ang aking tipan
sa inyo, at sa inyong binhi na susunod sa inyo; 10 At sa
bawa't nilikhang may buhay na kasama ninyo, ang mga ibon,
ang hayop at bawa't ganid sa lupa na kasama ninyo; sa
lahat ng lumunsad sa sasakyan pati sa bawa't ganid sa lupa.
11 At aking pagtitibayin ang aking tipan sa inyo; ni hindi ko
na lilipulin ang lahat ng laman sa pamamagitan ng tubig ng
baha; ni hindi na magkakaroon pa ng bahang gigiba ng lupa.
12 At sinabi ng Dios, Ito ang tanda ng tipang ginawa ko sa
inyo, at sa bawa't kinapal na may buhay na kasama ninyo
sa buong panahon: 13 Ang aking bahaghari ay inilalagay
ko sa alapaap, at siyang magiging tanda ng tipan ko at ng
lupa. 14 At mangyayari, pagka ako'y magbababa ng isang
alapaap sa ibabaw ng lupa, na makikita ang bahaghari sa
alapaap. 15 At aalalahanin ko ang aking tipan, na inilagda
ko sa akin at sa inyo, at sa bawa't kinapal na may buhay sa
lahat ng laman; at ang tubig ay hindi na magiging bahang
lilipol ng lahat ng laman. 16 At ang bahaghari ay pasa sa
alapaap, at aking mamasdan, upang aking maalaala, ang
walang hanggang tipan ng Dios at ng bawa't kinapal na may
buhay sa lahat ng lamang nasa ibabaw ng lupa. 17 At sinabi
ng Dios kay Noe, Ito ang tanda ng tipang inilagda ko sa
akin at sa lahat ng laman na nasa ibabaw ng lupa. 18 At
ang mga anak ni Noe na nagsilunsad sa sasakyan ay si
Sem, at si Cham at si Japhet: at si Cham ay siyang ama ni
Canaan. 19 Ang tatlong ito ay mga anak ni Noe: at sa mga
ito'y nakalatan ang buong lupa. 20 At nagpasimula si Noe na
maging mangbubukid, at naglagay ng isang ubasan. 21 At
uminom ng alak at nalango; at siya'y nahubaran sa loob
ng kaniyang tolda. 22 At si Cham na ama ni Canaan ay
nakakita ng kahubaran ng kaniyang ama, at isinaysay sa
kaniyang dalawang kapatid na nangasa labas. 23 At kumuha
si Sem at si Japhet ng isang balabal, at isinabalikat nilang
dalawa, at lumakad ng paurong, at tinakpan ang kahubaran
ng kanilang ama; at ang mukha nila ay patalikod, at hindi
nila nakita ang kahubaran ng kanilang ama. 24 At nagising
si Noe sa kaniyang pagkalango sa alak, at naalaman ang
ginawa sa kaniya ng kaniyang bunsong anak. 25 At sinabi,
Sumpain si Canaan! Siya'y magiging alipin ng mga alipin
sa kaniyang mga kapatid. 26 At sinabi niya, Purihin ang
Panginoon, ang Dios ni Sem! At si Canaan ay maging alipin
niya. 27 Pakapalin ng Dios si Japhet. At matira siya sa mga
tolda ni Sem; At si Canaan ay maging alipin niya. 28 At
nabuhay si Noe pagkaraan ng bahang gumunaw, ng tatlong
daan at limang pung taon. 29 At ang lahat ng naging araw ni
Noe ay siyam na raan at limang pung taon: at namatay.

**10** Ito nga ang sali't saling lahi ng mga anak ni Noe: si
Sem, si Cham, at si Japhet: at sila'y nangagkaanak
pagkaraan ng bahang gumunaw. **2** Ang mga anak ni Japhet;
si Gomer, at si Magog, at si Madai, at si Javan, at si Tubal,
at si Meshech, at si Tiras. **3** At ang mga anak ni Gomer: si
Azkenaz, at si Rifat, at si Togarma. **4** At ang mga anak ni
Javan; si Elisa, at si Tarsis, si Cittim, at si Dodanim. **5** Sa mga
ito nangabahagi ang mga pulo ng mga bansa, sa kanilang
mga lupain, na bawa't isa'y ayon sa kanikaniyang wika; ayon
sa kanikanilang angkan, sa kanikanilang bansa. **6** At ang
mga anak ni Cham; si Cush, at si Mizraim, at si Phut, at si
Canaan. **7** At ang mga anak ni Cush; si Seba, at si Havila,
at si Sabta, at si Raama, at si Sabtech: at ang mga anak ni
Raama; si Sheba, at si Dedan. **8** At naging anak ni Cush si
Nimrod: siyang napasimulang maging makapangyarihan sa
lupa. **9** Siya'y makapangyarihang mangangaso sa harap ng
Panginoon kaya't karaniwang sabihin: Gaya ni Nimrod, na
makapangyarihang mangangaso sa harap ng Panginoon. **10**
At ang pinagsimulan ng kaniyang kaharian ay ang Babel, at
ang Erech, at ang Accad, at ang Calneh, sa lupain ng Shinar.
**11** Buhat sa lupaing yaon ay napasa Asiria at itinayo ang
Ninive, at ang Rehobotir, at ang Calah, **12** At ang Ressen, sa
pagitan ng Ninive at ng Calah (na siyang malaking bayan).
**13** At naging anak ni Mizraim si Ludim, at si Anamim, at si
Lehabim, at si Naphtuhim. **14** At si Pathrusim, at si Casluim
(na siyang pinagbuhatan ng mga Filisteo), at ang Caphtorim.
**15** At naging anak ni Canaan si Sidon, na kaniyang panganay,
at si Heth. **16** At ang Jebuseo, at ang Amorrheo, at ang
Gergeseo; **17** At ang Heveo, at ang Araceo, at ang Sineo.
**18** At ang Aradio, at ang Samareo at ang Amatheo: at
pagkatapos ay kumalat ang mga angkan ng Cananeo. **19**
At ang hangganan ng Cananeo ay mula sa Sidon, kung
patungo sa Gerar, hanggang sa Gaza; kung patungo sa
Sodoma at Gomorra, at Adma, at Zeboim hanggang Lasa.
**20** Ito ang mga anak ni Cham, ayon sa kanikanilang angkan,
ayon sa kanikanilang wika, sa kanikanilang mga lupain, sa
kanilang mga bansa. **21** At nagkaroon din naman ng mga
anak si Sem, na ama ng lahat ng mga anak ni Heber, na
siya ring lalong matandang kapatid ni Japhet. **22** Ang mga
anak ni Sem; si Elam, at si Assur, at si Arphaxad, at si Lud,
at si Aram. **23** At ang mga anak ni Aram: si Uz, at si Hul, at
si Gether, at si Mas. **24** At naging anak ni Arphaxad si Sala;
at naging anak ni Sala si Heber. **25** At nagkaanak si Heber
ng dalawang lalake; ang pangalan ng una'y Peleg; sapagka't
sa mga araw niya'y nahati ang lupa; at ang pangalan ng
kaniyang kapatid ay Joctan. **26** At naging anak ni Joctan si
Almodad, at si Sheleph, at si Hazarmavet, at si Jerah; **27**
At si Hadoram, at si Uzal, at si Dicla. **28** At si Obal, at si
Abimael, at si Sheba. **29** At si Ophir, at si Havila, at si Jobad:
lahat ng ito ay mga naging anak ni Joctan. **30** At ang naging
tahanan nila ay mula sa Mesa, kung patungo sa Sephar, na
siyang bundok sa silanganan. **31** Ito ang mga anak ni Sem,
ayon sa kanikanilang angkan, ayon sa kanikanilang wika, sa
kanikanilang lupain, ayon sa kanikanilang bansa. **32** Ito ang
mga angkan ng mga anak ni Noe, ayon sa kanikanilang lahi,
sa kanikanilang bansa: at sa mga ito nangabahagi ang mga
bansa pagkatapos ng bahang gumunaw.

**11** At ang buong lupa ay iisa ang wika at iisa ang salita. **2**
At nangyari, na, sa kanilang paglalakbay sa silanganan,
ay nakasumpong sila ng isang kapatagan sa lupain ng Sinar;
at sila'y nanahan doon. **3** At nagsangusapang, Halikayo!
tayo'y gumawa ng mga laryo, at ating lutuing mabuti. At inari
nilang bato ang laryo at ang betun ay inaring argamasa. **4**
At nagsipagsabi, Halikayo! Magtayo tayo ng isang bayan
natin at ng isang moog, na ang taluktok niyaon ay aabot
hanggang sa langit, at magtaglay tayo ng isang ngalan; baka
tayo'y mangalat sa ibabaw ng buong lupa. **5** At bumaba ang
Panginoon upang tingnan ang bayan at ang moog, na itinayo
ng mga anak ng mga tao. **6** At sinabi ng Panginoon, Narito,
sila'y iisang bayan at silang lahat ay may isang wika; at ito
ang kanilang pinasimulang gawin: at, ngayon nga'y walang
makasasawata sa anomang kanilang balaking gawin. **7**
Halikayo! tayo'y bumaba at diyan din ay ating guluhin ang
kanilang wika, na anopa't sila'y huwag magkatalastasan sa
kanilang salita. **8** Ganito pinanabog sila ng Panginoon mula
riyan, sa ibabaw ng buong lupa; at kanilang iniwan ang
pagtatayo ng bayan. **9** Kaya ang pangalang itinawag ay
Babel; sapagka't doon ginulo ng Panginoon ang wika ng
buong lupa: at mula roon ay pinanabog sila ng Panginoon
sa ibabaw ng buong lupa. **10** Ito ang sali't saling lahi ni Sem.
May isang daan taon si Sem at naging anak si Arphaxad,
dalawang taon pagkatapos ng bahang gumunaw, **11** At
nabuhay si Sem, pagkatapos na maipanganak si Arphaxad,
ng limang daang taon, at nagkaanak ng mga lalake at mga
babae. **12** At nabuhay si Arphaxad, ng tatlong pu't limang
taon, at naging anak si Sala. **13** At nabuhay si Arphaxad
pagkatapos na maipanganak si Sala, ng apat na raan at
tatlong taon, at nagkaanak ng mga lalake at mga babae. **14**
At nabuhay si Sala ng tatlong pung taon, at naging anak si
Heber: **15** At nabuhay si Sala pagkatapos na maipanganak
si Heber, ng apat na raan at tatlong taon, at nagkaanak ng
mga lalake at mga babae. **16** At nabuhay si Heber ng tatlong
pu't apat na taon, at naging anak si Peleg: **17** At nabuhay si
Heber pagkatapos na maipanganak si Peleg, ng apat na
raan at tatlong pung taon, at nagkaanak ng mga lalake at
mga babae. **18** At nabuhay si Peleg ng tatlong pung taon, at
naging anak si Reu: **19** At nabuhay si Peleg pagkatapos na
maipanganak si Reu, ng dalawang daan at siyam na taon; at

nagkaanak ng mga lalake at mga babae. **20** At nabuhay
si Reu ng tatlong pu't dalawang taon, at naging anak si
Serug: **21** At nabuhay si Reu pagkatapos na maipanganak
si Serug, ng dalawang daan at pitong taon, at nagkaanak
ng mga lalake at mga babae. **22** At nabuhay si Serug ng
tatlong pung taon, at naging anak si Nachor: **23** At nabuhay
si Serug pagkatapos maipanganak si Nachor, ng dalawang
daang taon, at nagkaanak ng mga lalake at mga babae. **24**
At nabuhay si Nachor ng dalawang pu't siyam na taon, at
naging anak si Thare: **25** At nabuhay si Nachor pagkatapos
na maipanganak si Thare, ng isang daan at labing siyam
na taon, at nagkaanak ng mga lalake at mga babae. **26**
At nabuhay si Thare ng pitong pung taon, at naging anak
si Abram, si Nachor at si Haran. **27** Ito nga ang mga lahi
ni Thare. Naging anak ni Thare si Abram, si Nachor, at
si Haran; at naging anak ni Haran si Lot. **28** At namatay
si Haran bago namatay ang kaniyang amang si Thare sa
lupaing kaniyang tinubuan, sa Ur ng mga Caldeo. **29** At
nagsipagasawa si Abram at si Nachor: ang pangalan ng
asawa ni Abram ay Sarai; at ang pangalan ng asawa ni
Nachor, ay Milca, anak ni Haran, ama ni Milca at ama ni
Iscah. **30** At si Sarai ay baog; siya'y walang anak. **31** At
ipinagsama ni Thare si Abram na kaniyang anak, at si Lot na
anak ni Haran, na anak ng kaniyang anak, at si Sarai na
kaniyang manugang, asawa ni Abram na kaniyang anak;
at samasamang nagsialis sa Ur ng mga Caldeo upang
magsipasok sa lupain ng Canaan, at nagsidating sila sa
Haran, at nagsitahan doon. **32** At ang mga naging araw ni
Thare ay dalawang daan at limang taon: at namatay si Thare
sa Haran.

**12** Sinabi nga ng Panginoon kay Abram, Umalis ka sa
iyong lupain, at sa iyong mga kamaganak, at sa bahay
ng iyong ama, na ikaw ay pasa lupaing ituturo ko sa iyo: **2**
At gagawin kitang isang malaking bansa, at ikaw ay aking
pagpapalain, at padadakilain ko ang iyong pangalan; at ikaw
ay maging isang kapalaran: **3** At pagpapalain ko ang mga
magpapala sa iyo, at susumpain ko ang mga susumpa sa iyo:
at pagpapalain sa iyo ang lahat ng angkan sa lupa. **4** Kaya't
yumaon si Abram, ayon sa sinalita sa kaniya ng Panginoon;
at si Lot ay sumama sa kaniya: at si Abram ay may pitong
pu't limang taon, nang umalis sa Haran. **5** Isinama ni Abram
si Sarai na kaniyang asawa, at si Lot na anak ng kaniyang
kapatid, at ang lahat ng pag-aaring kanilang natipon at ang
mga taong kanilang nakuha sa Haran; at nagsialis upang
pasa lupain ng Canaan; at dumating sa lupain ng Canaan.
**6** At naglakbay sa lupain si Abram hanggang sa dako ng
Sichem, hanggang sa punong encina ng More. At noo'y nasa
lupaing yaon ang Cananeo, **7** At napakita ang Panginoon
kay Abram, at nagsabi, Sa iyong lahi ay ibibigay ko ang
lupaing ito: at siya'y nagtayo roon ng isang dambana sa
Panginoon na napakita sa kaniya. **8** At mula roon ay lumipat
siya sa bundok na nasa silanganan ng Bethel, at doon niya
itinayo ang kaniyang tolda, na nasa kalunuran ang Bethel, at
nasa silanganan ang Hai: at siya'y nagtayo roon ng dambana
sa Panginoon, at sinambitla ang pangalan ng Panginoon. **9**
At si Abram ay naglakbay na nagtuloy sa dakong Timugan.
**10** At nagkagutom sa lupaing yaon: at bumaba si Abram
na nasok sa Egipto, upang manirahan doon; sapagka't
mahigpit ang kagutom sa lupain. **11** At nangyari, nang siya'y
malapit nang papasok sa Egipto, ay sinabi niya kay Sarai
na kaniyang asawa, Narito, ngayon, talastas kong ikaw
ay magandang babae sa tingin: **12** At mangyayari na pag
makikita ka ng mga Egipcio, ay kanilang sasabihin, Ito'y
kaniyang asawa; at ako'y kanilang papatayin, datapuwa't
kanilang ililigtas kang buhay. **13** Isinasamo ko sa iyo, na
sabihin mong ikaw ay aking kapatid, upang ako'y mapabuti
dahil sa iyo, at upang ang kaluluwa ko'y mabuhay dahil sa
iyo. **14** At nangyari, nang pumasok si Abram sa Egipto,
nakita ng mga Egipcio, na ang babae ay napakaganda. **15**
At nakita siya ng mga prinsipe ni Faraon, at kanilang pinuri
siya kay Faraon: at dinala ang babae sa bahay ni Faraon. **16**
At pinagpakitaan nito ng magandang loob si Abram dahil sa
kaniya: at nagkaroon si Abram ng mga tupa, at ng mga baka,
at ng mga asno, at ng mga aliping lalake at mga alilang
babae, at ng mga asna, at ng mga kamelyo, **17** At sinalot
ng Panginoon si Faraon at ang kaniyang sangbahayan, ng
malaking pagsalot dahil kay Sarai na asawa ni Abram. **18** At
tinawag ni Faraon si Abram, at sinabi, Ano itong ginawa mo
sa akin? Bakit hindi mo ipinahayag sa akin na siya'y iyong
asawa? **19** Bakit sinabi mong siya'y aking kapatid? na ano
pa't siya'y aking kinuha upang maging asawa: ngayon nga'y
nariyan ang iyong asawa; siya'y kunin mo at yumaon ka. **20**
At nagbilin si Faraon sa mga tao tungkol sa kaniya: at siya'y
kanilang inihatid sa daan, at ang kaniyang asawa, at ang
lahat ng kaniyang pag-aari.

**13** At umahon sa Timugan si Abram mula sa Egipto,
siya at ang kaniyang asawa, at ang lahat ng kaniyang
tinatangkilik, at si Lot na kaniyang kasama. **2** At si Abram
ay totoong mayaman sa hayop, sa pilak, at sa ginto. **3**
At nagpatuloy si Abram ng kaniyang paglalakbay mula
sa Timugan hanggang sa Bethel, hanggang sa dakong
kinaroroonan noong una ng kaniyang tolda sa pagitan ng
Bethel at ng Hai; **4** Sa dako ng dambana na kaniyang ginawa
roon nang una: at sinambitla doon ni Abram ang pangalan
ng Panginoon. **5** At si Lot man na kinasama ni Abram ay
may tupahan at bakahan, at mga tolda. **6** At sila'y hindi
makayanan ng lupain, na sila'y manahan na magkasama:
sapagka't napakarami ang kanilang pag-aari, na ano pa't

hindi maaring manirahang magkasama. 7 At nagkaroon ng
pagtatalo ang mga pastor ng hayop ni Abram at ang mga
pastor ng hayop ni Lot; at ang Cananeo at ang Pherezeo ay
naninirahan noon sa lupain. 8 At sinabi ni Abram kay Lot,
Ipinamamanhik ko sa iyong huwag magkaroon ng pagtatalo,
ikaw at ako, at ang mga pastor mo at mga pastor ko;
sapagka't tayo'y magkapatid. 9 Di ba ang buong lupain ay
nasa harap mo? Humiwalay ka nga sa akin, ipinamamanhik
ko sa iyo: kung ikaw ay pasa sa kaliwa, ay pasa sa kanan
ako: o kung ikaw ay pasa sa kanan, ay pasa sa kaliwa ako.
10 At itiningin ni Lot ang kaniyang mga mata, at natanaw
niya ang buong kapatagan ng Jordan, na pawang patubigan
na magaling sa magkabikabila, kung pasa sa Zoar, bago
giniba ng Panginoon ang Sodoma at Gomorra, ay gaya
ng halamanan ng Panginoon, gaya ng lupain ng Egipto.
11 Kaya't pinili ni Lot sa kaniya ang buong kapatagan ng
Jordan; at si Lot ay naglakbay sa silanganan: at sila'y
kapuwa naghiwalay. 12 Tumahan si Abram sa lupain ng
Canaan; at si Lot ay tumahan sa mga bayan ng kapatagan,
at inilipat ang kaniyang tolda hanggang sa Sodoma. 13 Ang
mga tao nga sa Sodoma ay masasama at mga makasalanan
sa harap ng Panginoon. 14 At sinabi ng Panginoon kay
Abram, pagkatapos na makahiwalay si Lot sa kaniya, Itingin
mo ngayon ang iyong mga mata, at tumanaw ka mula
sa dakong iyong kinalalagyan, sa dakong hilagaan, at sa
dakong timugan, at sa dakong silanganan, at sa dakong
kalunuran: 15 Sapagka't ang buong lupaing iyong natatanaw
ay ibibigay ko sa iyo, at sa iyong binhi magpakaylan man. 16
At gagawin kong parang alabok ng lupa ang iyong binhi: na
ano pa't kung mabibilang ng sinoman ang alabok ng lupa
ay mabibilang nga rin ang iyong binhi. 17 Magtindig ka,
lakarin mo ang lupain, ang hinabahaba at niluwang-luwang
niyan; sapagka't ibibigay ko sa iyo. 18 At binuhat ni Abram
ang kaniyang tolda, at yumaon at tumahan sa mga punong
encina ni Mamre na nasa Hebron, at siya'y nagtayo roon ng
dambana sa Panginoon.

**14** At nangyari sa mga kaarawan ni Amraphel, hari sa
Sinar, ni Ariok hari sa Elasar, ni Chedorlaomer hari
sa Elam, at ni Tidal na hari ng mga Goiim, 2 Na ang
mga ito ay nakipagbaka laban kay Bera hari sa Sodoma,
at laban kay Birsha hari sa Gomorra, kay Shinab hari sa
Adma, at kay Shemeber, hari sa Zeboim, at sa hari sa
Bela (na si Zoar). 3 Lahat ng ito'y nagkatipon sa libis ng
Siddim (na siyang Dagat na Alat). 4 Labingdalawang taong
nagsipaglingkod kay Chedorlaomer, at sa ikalabingtatlong
taon ay nagsipaghimagsik. 5 At sa ikalabingapat na taon
ay dumating si Chedorlaomer at ang mga haring kasama
niya, at sinaktan ang mga Refaim sa Ashteroth-Carnaim,
at ang mga Zuzita sa Ham, at ang mga Emita sa Shave-
ciriataim. 6 At ang mga Horeo sa kanilang kabundukan ng
Seir, hanggang Elparan na nasa tabi ng ilang. 7 At sila'y
nangagbalik at nagsiparoon sa Enmispat (na siyang Cades),
at kanilang sinaktan ang buong lupain ng mga Amalecita
at pati ng mga Amorrheo na nagsisitahan sa Hazezon-
tamar. 8 At nagsilabas ang hari sa Sodoma, at ang hari sa
Gomorra, at ang hari sa Adma, at ang hari sa Zeboim, at
ang hari sa Bela (na dili iba't si Zoar); at sila'y humanay ng
pakikipagbaka laban sa kanila sa libis ng Siddim; 9 Laban
kay Chedorlaomer, hari sa Elam, at kay Tidal na hari ng mga
Goiim at kay Amraphel, hari sa Shinar, at kay Arioch, hari sa
Elasar; apat na hari laban sa lima. 10 At ang libis ng Siddim
ay puno ng hukay ng betun; at nagsitakas ang mga hari sa
Sodoma at sa Gomorra, at nangahulog doon, at ang natira
ay nagsitakas sa kabundukan. 11 At kanilang sinamsam
ang lahat ng pag-aari ng Sodoma at Gomorra, at ang lahat
nilang pagkain, at nagsiyaon. 12 At dinala nila si Lot, na
anak ng kapatid ni Abram, na nananahan sa Sodoma at ang
kaniyang mga pag-aari at sila'y nagsiyaon. 13 At dumating
ang isang nakatanan, at ibinalita kay Abram na Hebreo;
na tumatahan nga sa mga puno ng encina ni Mamre na
Amorrheo, kapatid ni Eschol, at kapatid ni Aner; at ang mga
ito ay kakampi ni Abram. 14 At pagkarinig ni Abram, na
nabihag ang kaniyang kapatid ay ipinagsama ang kaniyang
mga subok na lalake, na mga ipinanganak sa kaniyang
bahay, na tatlong daan at labing walo, at kanilang hinabol
sila hanggang sa Dan. 15 At sila'y nangagpangkatpangkat
sa kinagabihan, laban sa kaaway, siya at ang kaniyang mga
alipin, at kanilang sinaktan sila, at hinabol nila sila hanggang
sa Hobah, na nasa kaliwa ng Damasco. 16 At iniuwi niya
ang lahat ng pag-aari; at iniuwi rin niya si Lot na kaniyang
kapatid, at ang kaniyang mga pag-aari, at gayon din ang
mga babae at ang bayan. 17 At nilabas na sinalubong siya
ng hari sa Sodoma pagkatapos na siya'y magbalik na mula
sa pagpatay kay Chedorlaomer, at sa mga haring kasama
niya sa libis ng Shave (na siyang libis ng hari). 18 At si
Melquisedec, na hari sa Salem, ay naglabas ng tinapay
at alak; at siya'y saserdote ng Kataastaasang Dios. 19 At
binasbasan niya siya na sinabi, Pagpalain si Abram ng
Kataastaasang Dios, na may-ari ng langit at ng lupa: 20
At purihin ang Kataastaasang Dios, na nagbigay ng iyong
mga kaaway sa iyong kamay. At binigyan siya ni Abram
ng ikasangpung bahagi ng buong samsam. 21 At sinabi ng
hari sa Sodoma kay Abram, Ibigay mo sa akin ang mga
tao at kunin mo sa ganang iyo ang mga pag-aari. 22 At
sinabi ni Abram sa hari sa Sodoma, Itinaas ko ang aking
kamay sa Panginoong Dios na Kataastaasan, na may ari ng
langit at ng lupa. 23 Isinumpa kong hindi ako kukuha maging
isang sinulid, o maging isang panali ng pangyapak, o ng

anomang nauukol sa iyo, baka iyong sabihin, Pinayaman ko
si Abram: **24** Liban na lamang ang kinain ng mga binata at
ang bahagi ng mga lalaking kinasama ko; si Aner, si Eschol,
at si Mamre, ay pakunin mo ng kanilang bahagi.

**15** Pagkatapos ng mga bagay na ito ay dumating ang salita
ng Panginoon kay Abram sa pangitain na nagsasabi,
Huwag kang matakot, Abram: ako ang iyong kalasag, at ang
iyong ganting pala na lubhang dakila. **2** At sinabi ni Abram,
Oh Panginoong Dios, anong ibibigay mo sa akin, kung ako'y
nabubuhay na walang anak at ang magaari ng aking bahay
ay itong taga Damascong si Eliezer? **3** At sinabi ni Abram,
Narito, hindi mo ako binigyan ng anak at, narito't isang
ipinanganak sa aking bahay ang siyang tagapagmana ko. **4**
At, narito, ang salita ng Panginoon ay dumating sa kaniya,
na nagsabi, Hindi ang taong ito ang magiging tagapagmana
mo; kundi lalabas sa iyong sariling katawan ang magiging
tagapagmana mo. **5** At siya'y inilabas at sinabi, Tumingala
ka ngayon sa langit, at iyong bilangin ang mga bituin, kung
mabibilang mo: at sa kaniya'y sinabi, Magiging ganiyan ang
iyong binhi. **6** At sumampalataya siya sa Panginoon; at ito'y
ibinilang na katuwiran sa kaniya. **7** At sinabi sa kaniya, Ako
ang Panginoon na nagpaalis sa iyo sa Ur ng mga Caldeo,
upang ibigay sa iyo ang lupaing ito na manahin mo. **8** At
sinabi niya, Oh Panginoong Dios, paanong pagkakilala ko na
aking mamanahin? **9** At sinabi sa kaniya, Magdala ka rito sa
akin ng isang dumalagang bakang tatlong taon ang gulang,
at ng isang babaing kambing na tatlong taon ang gulang,
at ng isang lalaking tupang tatlong taon ang gulang, at ng
isang inakay na batobato at ng isang inakay na kalapati. **10**
At dinala niya ang lahat ng ito sa kaniya, at pinaghati niya
sa gitna, at kaniyang pinapagtapattapat ang kalakalahati;
datapuwa't hindi hinati ang mga ibon. **11** At binababa ng
mga ibong mangdadagit ang mga bangkay, at binubugaw ni
Abram. **12** At nang lulubog na ang araw, ay nakatulog si
Abram ng mahimbing; at, narito, ang isang kasindaksindak
na malaking kadiliman ay sumakaniya. **13** At sinabi ng Dios
kay Abram, Tunay na pakatalastasin mo, na ang iyong binhi
ay magiging taga ibang bayan sa lupaing hindi kanila, at
mangaglilingkod sa mga yaon; at pahihirapang apat na raang
taon. **14** At yaon namang bansang kanilang paglilingkuran ay
aking hahatulan: at pagkatapos ay aalis silang may malaking
pag-aari. **15** Datapuwa't ikaw ay payapang pasa sa iyong
mga magulang; at ikaw ay malilibing sa mabuting katandaan.
**16** At sa ikaapat na salin ng iyong binhi, ay magsisipagbalik
rito: sapagka't hindi pa nalulubos ang katampalasanan ng
mga Amorrheo. **17** At nangyari, na paglubog ng araw, at
pagdilim, na narito, ang isang hurnong umuusok, at ang
isang tanglaw na nagniningas na dumaan sa gitna ng mga
hinating hayop. **18** Nang araw na yaon, ang Panginoon
ay nakipagtipan kay Abram, na nagsabi, Sa iyong binhi
ibinigay ko ang lupaing ito, mula sa ilog ng Egipto hanggang
sa malaking ilog, na ilog Eufrates. **19** Ang mga Cineo, at
ang mga Ceneceo, at ang mga Cedmoneo, **20** At ang mga
Heteo, at ang mga Pherezeo, at ang mga Refaim, **21** At ang
mga Amorrheo, at ang mga Cananeo, at ang mga Gergeseo,
at ang mga Jebuseo.

**16** Si Sarai nga na asawa ni Abram ay hindi nagkaanak
sa kaniya; at siya'y may isang alilang babae na taga
Egipto, na nagngangalang Agar. **2** At sinabi ni Sarai kay
Abram, Narito, ngayon, ako'y hinadlangan ng Panginoon na
ako'y magkaanak; ipinamamanhik ko sa iyong sumiping ka
sa aking alilang babae; marahil ay magkakaanak ako sa
pamamagitan niya. At dininig ni Abram ang sabi ni Sarai.
**3** At kinuha ni Sarai na asawa ni Abram, si Agar na taga
Egipto, na kaniyang alila, pagkaraan ng sangpung taon
na makatahan si Abram sa lupain ng Canaan, at ibinigay
kay Abram na kaniyang asawa upang maging asawa niya.
**4** At siya'y sumiping kay Agar, at naglihi: at nang makita
niyang siya'y naglihi, ay niwalang halaga niya ang kaniyang
panginoong babae sa kaniyang paningin. **5** At sinabi ni Sarai
kay Abram, Ang aking pagkaapi ay sumaiyo: idinulot ko ang
aking alila sa iyong sinapupunan; at nang makita niyang
siya'y naglihi, ay niwalan akong kabuluhan sa kaniyang
paningin: ang Panginoon ang humatol sa akin at sa iyo. **6**
Datapuwa't sinabi ni Abram kay Sarai, Narito, ang iyong
alila ay nasa iyong kamay; gawin mo sa kaniya ang iyong
minamagaling sa iyong paningin. At dinuwahagi siya ni
Sarai, at si Agar ay tumakas mula sa kaniyang harap. **7** At
nasumpungan siya ng anghel ng Panginoon sa tabi ng isang
bukal ng tubig sa ilang, sa bukal na nasa daang patungo sa
Shur. **8** At sinabi, Agar, alila ni Sarai, saan ka nanggaling? at
saan ka paroroon? at kaniyang sinabi, Ako'y tumatakas mula
sa harap ni Sarai na aking panginoon. **9** At sinabi sa kaniya
ng anghel ng Panginoon, Magbalik ka sa iyong panginoon,
at pahinuhod ka sa kaniyang mga kamay. **10** At sinabi sa
kaniya ng anghel ng Panginoon, Pararamihin kong mainam
ang iyong binhi, na hindi mabibilang dahil sa karamihan. **11**
At sinabi sa kaniya ng anghel ng Panginoon, Narito't ikaw ay
nagdadalang-tao at ikaw ay manganganak ng isang lalake;
at ang itatawag mo sa kaniyang ngalan ay Ismael, sapagka't
diningig ng Panginoon ang iyong kadalamhatian. **12** At siya'y
magiging parang asnong bundok sa gitna ng mga tao; ang
kaniyang kamay ay magiging laban sa lahat, at ang kamay
ng lahat ay laban sa kaniya; at siya'y tatahan sa harap
ng lahat niyang mga kapatid. **13** At kaniyang tinawagan
ang ngalan ng Panginoon na nagsalita sa kaniya, Ikaw
ay Dios na nakakakita: sapagka't sinabi niya, Namasdan
ko rin ba rito ang likuran niyaong nakakakita sa akin? **14**

Kaya't nginalanan ang balong yaon Balon ng Nabubuhay na
nakakakita sa akin; narito't ito'y nasa pagitan ng Cades at
Bered. 15 At nanganak si Agar ng isang lalake kay Abram
at ang itinawag ni Abram, na pangalan sa kaniyang anak
na ipinanganak ni Agar, ay Ismael. 16 At si Abram ay may
walong pu't anim na taon nang ipanganak si Ismael ni Agar
kay Abram.

**17** At nang si Abram ay may siyam na pu't siyam na
taon, ay napakita ang Panginoon kay Abram, at sa
kaniya'y nagsabi, Ako ang Dios na Makapangyarihan sa lahat
lumakad ka sa harapan ko, at magpakasakdal ka. 2 At ako'y
makikipagtipan sa iyo at ikaw ay aking pararamihing mainam.
3 At nagpatirapa si Abram: at ang Dios ay nakipagusap sa
kaniya, na sinasabi, 4 Tungkol sa akin, narito, ang aking
tipan ay sumasaiyo, at ikaw ang magiging ama ng maraming
bansa. 5 At hindi na tatawagin ang pangalan mong Abram,
kundi Abraham ang magiging iyong pangalan; sapagka't
ikaw ay ginawa kong ama ng maraming bansa. 6 At ikaw ay
aking gagawing totoong palaanakin at papanggagalingin
ko sa iyo ang mga bansa; at magbubuhat sa iyo ang mga
hari. 7 At aking papagtitibayin ang aking tipan sa iyo at
sa iyong binhi pagkamatay mo sa buong kalahian nila, na
tipang walang hanggan, na ako'y magiging iyong Dios, at
ng iyong binhi, pagkamatay mo. 8 At ibibigay ko sa iyo, at
sa iyong binhi, pagkamatay mo, ang lupaing iyong mga
pinaglakbayan, ang buong lupain ng Canaan, na pag-aaring
walang hanggan at ako ang magiging Dios nila. 9 At sinabi
pa ng Dios kay Abraham, At tungkol sa iyo, iingatan mo ang
aking tipan, iingatan mo at ng iyong binhi pagkamatay mo, sa
buong kalahian nila. 10 Ito ang aking tipan na inyong iingatan
sa akin at sa inyo, at ng iyong binhi, pagkamatay mo; tutuliin
ang bawa't lalake sa inyo. 11 At kayo'y tutuliin sa laman ng
inyong balat ng masama; at ito ang magiging tanda ng aking
tipan sa inyo. 12 At ang may walong araw ay tutuliin sa inyo,
ang bawa't lalake sa buong kalahian ninyo; ang ipinanganak
sa bahay, o ang binili ng salapi sa sinomang taga ibang
lupa na hindi sa iyong lahi. 13 Ang ipinanganak sa bahay
at ang binili ng iyong salapi, ay dapat tuliin: at ang aking
tipan ay sasa iyong laman na pinakatipang walang hanggan.
14 At ang lalaking hindi tuli, na hindi tinuli ang laman ng
kaniyang balat ng masama, ang taong yaon ay mahihiwalay
sa kaniyang bayan; sinira niya ang aking tipan. 15 At sinabi
ng Dios kay Abraham, Tungkol kay Sarai na iyong asawa, ay
huwag mo nang tatawagin ang kaniyang pangalang Sarai,
kundi Sara ang magiging kaniyang pangalan. 16 At akin
siyang pagpapalain, at saka sa kaniya'y bibigyan kita ng
anak: oo, siya'y aking pagpapalain, at magiging ina ng mga
bansa; ang mga hari ng mga bayan ay magmumula sa
kaniya. 17 Nang magkagayo'y nagpatirapa si Abraham, at
nagtawa, at nasabi sa kaniyang sarili, Magkakaanak kaya
siya na may isang daang taon na? at manganak pa kaya
si Sara na may siyam na pung taon na? 18 At sinabi ni
Abraham sa Dios, Kahimanawari, si Ismael ay mabuhay
sa harapan mo! 19 At sinabi ng Dios, Hindi, kundi ang
iyong asawang si Sara ay magkakaanak sa iyo; at tatawagin
mo ang kaniyang ngalang Isaac; at aking pagtitibayin ang
aking tipan sa kaniya ng pinakatipang walang hanggan, sa
kaniyang lahi pagkamatay niya. 20 At tungkol kay Ismael, ay
dininig din kita. Narito't aking pinagpala siya, at siya'y aking
papagaanakin ng marami, at siya'y aking pararamihin ng di
kawasa; labing dalawang prinsipe ang kaniyang magiging
anak, at siya'y gagawin kong malaking bansa. 21 Nguni't
ang aking tipan ay pagtitibayin ko kay Isaac na iaanak sa iyo
ni Sara, sa tadhanang araw, sa taong darating. 22 At nang
matapos na makipagusap sa kaniya, ay napaitaas ang Dios
mula sa piling ni Abraham. 23 At ipinagsama ni Abraham
si Ismael, na kaniyang anak, at ang lahat na ipinanganak
sa kaniyang bahay, at ang lahat ng binili niya ng kaniyang
salapi, ang lahat ng lalake sa mga lalaking kasangbahay ni
Abraham, at tinuli ang laman ng kanilang balat ng masama
ng araw ding yaon, ayon sa sinabi ng Dios sa kaniya. 24
At si Abraham ay may siyam na pu't siyam na taon, nang
tuliin ang laman ng kaniyang balat ng masama. 25 At si
Ismael ay may labing tatlong taon, nang tuliin ang laman ng
kaniyang balat ng masama. 26 Nang araw ding yaon tinuli si
Abraham, at si Ismael na kaniyang anak. 27 At lahat ng
lalaking kasangbahay niya, maging ang mga ipinanganak sa
bahay, at ang mga binili ng salapi sa taga ibang lupain, ay
pinagtuling kasama niya.

**18** At napakita ang Panginoon sa kaniya sa mga punong
encina ni Mamre, habang siya'y nakaupo sa pintuan
ng tolda, ng kainitan ng araw. 2 At itiningin ang kaniyang
mga mata at nagmalas, at, narito't tatlong lalake ay nakatayo
sa tabi niya: at pagkakita niya sa kanila, ay tinakbo niya
upang sila'y salubungin mula sa pintuan ng tolda, at
yumukod siya sa lupa. 3 At nagsabi, Panginoon ko, kung
ngayo'y nakasumpong ako ng biyaya sa iyong paningin,
ay ipinamamanhik ko sa iyo, na huwag mong lagpasan
ang iyong lingkod. 4 Itulot mong dalhan kayo rito ng
kaunting tubig, at maghugas kayo ng inyong mga paa, at
mangagpahinga kayo sa lilim ng kahoy. 5 At magdadala ako
ng isang subong tinapay at inyong palakasin ang inyong
puso; at pagkatapos ay magsisipagtuloy kayo: yamang
kayo'y naparito sa inyong lingkod, At nagsipagsabi, Mangyari
ang ayon sa iyong sinabi. 6 At si Abraham ay nagmadaling
napasa tolda ni Sara, at sinabi, Maghanda ka agad ng tatlong
takal ng mainam na harina, iyong tapayin at gawin mong
mga munting tinapay. 7 At tumakbo si Abraham sa bakahan

at nagdala ng isang bata at mabuting guya, at ibinigay sa
alipin; at siya'y nagmadali, upang lutuin. 8 At siya'y kumuha
ng mantekilla, at ng gatas, at ng guyang niluto niya, at
inihain sa harapan nila; at siya'y tumayo sa siping nila sa
lilim ng punong kahoy; at sila'y nagsikain. 9 At sinabi nila sa
kaniya, Saan naroon si Sara na iyong asawa? At sinabi niya
Narito, nasa tolda. 10 At sinabi niya, Walang salang di ako
babalik sa iyo sa ganitong panahon ng taong darating; at
narito't si Sara na iyong asawa ay magkakaanak ng isang
lalake. At narinig ni Sara sa pintuan ng tolda, na nasa likod
niya. 11 Si Abraham at si Sara nga'y matatanda na, at
lipas na sa panahon; at tinigilan na si Sara ng kaugalian ng
mga babae. 12 At nagtawa si Sara sa kaniyang sarili, na
sinasabi, Pagkatapos na ako'y tumanda ay magtatamo ako
ng kaligayahan, at matanda na rin pati ng panginoon ko? 13
At sinabi ng Panginoon kay Abraham, Bakit tumawa si Sara,
na sinasabi, Tunay kayang ako'y manganganak, na matanda
na ako? 14 May anomang bagay kayang napakahirap sa
Panginoon? Sa tadhanang panahon ay babalik ako sa iyo,
sa taong darating, at si Sara ay magkakaanak ng isang
lalake. 15 Nang magkagayo'y nagkaila si Sara, na sinasabi,
Hindi ako tumawa, sapagka't siya'y natakot. Nguni't sinabi
niya, Hindi gayon; kundi ikaw ay tumawa. 16 At nangagtindig
doon ang mga lalake, at nangagsitingin sa dakong Sodoma;
at sinamahan sila ni Abraham, upang ihatid sila sa daan. 17
At sinabi ng Panginoon, Ililihim ko ba kay Abraham ang aking
gagawin; 18 Dangang si Abraham ay tunay na magiging
isang bansang malaki at matibay, at pagpapalain sa kaniya
ang lahat ng bansa sa lupa? 19 Sapagka't siya'y aking
kinilala, upang siya'y magutos sa kaniyang mga anak at
sa kaniyang sangbahayan pagkamatay niya, na maingatan
nila ang daan ng Panginoon, na gumawa ng kabanalan,
at kahatulan; upang padatnin ng Panginoon, kay Abraham
ang kaniyang ipinangako tungkol sa kaniya. 20 At sinabi ng
Panginoon, Sapagka't ang sigaw ng Sodoma at Gomorra ay
malakas, at sapagka't ang kasalanan nila ay napakalubha;
21 Ay bababa ako ngayon at titingnan ko kung ginawa nga
ang ayon sa sigaw na dumarating hanggang sa akin; at
kung hindi ay aking malalaman. 22 At ang mga lalake ay
nagsilayo roon at nagsitungo sa Sodoma datapuwa't si
Abraham ay nakatayo pa sa harapan ng Panginoon. 23 At
lumapit si Abraham, at nagsabi, Ang mga banal ba ay iyong
lilipuling kasama ng mga masama? 24 Kung sakaling may
limang pung banal sa loob ng bayan: lilipulin mo ba, at di mo
patatawarin ang dakong yaon, alangalang sa limang pung
banal na nasa loob niyaon? 25 Malayo nawa sa iyo ang
paggawa ng ganito, na ang banal ay iyong patayíng kasama
ng masama, anopa't ang banal ay mapara sa masama;
malayo nawa ito sa iyo: di ba gagawa ng matuwid ang
Hukom ng buong lupa? 26 At sinabi ng Panginoon, Kung
makasumpong ako sa Sodoma ng limang pung banal sa
loob ng bayan, patatawarin ko ang buong dakong yaon,
alangalang sa kanila. 27 At sumagot si Abraham, at nagsabi,
Narito, ngayo'y nangahas akong magsalita sa Panginoon,
akong alabok at abo lamang: 28 Kung sakaling magkukulang
ng lima sa limang pung banal: lilipulin mo ba, dahil sa limang
kulang, ang buong bayan? At sinabi niya, Hindi ko lilipulin
kung makasumpong ako roon ng apat na pu't lima. 29 At
siya'y muling nagsalita pa sa kaniya, at nagsabi, Marahil ay
may masusumpungang apat na pu. At sinabi niya, Hindi
ko gagawin, alangalang sa apat na pu. 30 At sinabi niya,
Oh huwag magalit ang Panginoon, at ako'y magsasalita:
kung sakaling may masusumpungan doong tatlong pu. At
sinabi niya, Hindi ko gagawin kung makakasumpong ako
roon ng tatlong pu. 31 At kaniyang sinabi, Narito ngayon,
ako'y nangahas na magsalita sa Panginoon: kung sakaling
may masusumpungan doong dalawang pu. At sinabi niya,
Hindi ko lilipulin, alangalang sa dalawang pu. 32 At sinabi
niya, Oh huwag magalit ang Panginoon at magsasalita na
lamang akong minsan: kung sakaling may masusumpungan
doong sangpu: at sinabi niya, Hindi ko lilipulin, alangalang
sa sangpu. 33 At ang Panginoon ay nagpatuloy, pagkatapos
na makipagusap kay Abraham: at si Abraham ay nagbalik
sa kaniyang dako.

**19** At nagsidating ang dalawang anghel sa Sodoma, nang
nagtatakip silim; at si Lot ay nakaupo sa pintuang-
bayan ng Sodoma: at sila'y nakita ni Lot, at nagtindig
upang salubungin sila; at iniyukod ang mukha sa lupa; 2 At
nagsabi, Ngayon nga mga panginoon ko, ipinamamanhik ko
sa inyo na kayo'y magsiliko at magsipasok sa bahay ng
inyong lingkod, at kayo'y matira sa buong magdamag, at
maghugas ng inyong mga paa, at sa madaling araw ay
magsipagbangon kayo at magpatuloy ng inyong paglakad.
At kanilang sinabi, Hindi, kundi sa langsangan mananahan
kami sa buong magdamag. 3 At kaniyang pinakapilit sila; at
sila'y nagsiliko, at nagsipasok sa kaniyang bahay; at sila'y
kaniyang pinaghandaan, at ipinagluto ng mga tinapay na
walang levadura, at nagsikain. 4 Datapuwa't bago nagsihiga,
ang bahay ay kinulong ng mga tao sa bayan sa makatuwid
baga'y ng mga tao sa Sodoma, na mga binata at gayon
din ng mga matanda ng buong bayan sa buong palibot;
5 At kanilang tinawagan si Lot, at sinabi sa kaniya, Saan
nangaroon ang mga lalaking dumating sa iyo ng gabing
ito? ilabas mo sila sa amin upang kilalanin namin sila. 6
At nilabas sila ni Lot sa pintuan, at isinara ang pinto sa
likuran niya. 7 At sinabi niya, Ipinamamanhik ko sa inyo,
mga kapatid ko, na huwag kayong gumawa ng ganiyang
kasamaan. 8 Narito, ngayon, may dalawa akong anak na

babae, na hindi nakakilala ng lalake; ipinamamanhik ko sa
inyo, na sila'y aking ilalabas sa inyo, at gawin ninyo sa kanila
ang magalingin ninyo sa inyong paningin: huwag lamang
ninyong gawan ng anoman ang mga lalaking ito; yamang
sila'y nangasa silong ng aking bubungan. **9** At sinabi nila,
Umurong ka! At sinabi pa nila, Ang taong ito'y naparito
upang makipamayan, at ibig niyang maging hukom: ngayon
nga'y gagawan ka namin ng lalong masama kay sa kanila.
At kanilang ipinagtulakan ang lalaking si Lot, at nagsilapit
upang sirain ang pintuan. **10** Datapuwa't iniunat ng mga
lalake ang kanilang kamay at binatak si Lot sa loob ng bahay
at kanilang sinarhan ang pintuan. **11** At ang mga taong
nangasa pintuan ng bahay ay mga pinagbulag nila, ang
munti't malaki: ano pa't sila'y nangayamot sa paghahanap
ng pintuan. **12** At sinabi ng mga lalake kay Lot, Mayroon
ka pa ritong kamaganakan? Ang iyong mga manugang, at
ang iyong mga anak na lalake at babae, at ang lahat ng
iyong tinatangkilik sa bayan: ay ipagaalis mo sa dakong
ito: **13** Sapagka't aming lilipulin ang dakong ito dahil sa
napakalakas ang kanilang sigaw sa harap ng Panginoon; at
kami ay sinugo ng Panginoon upang aming lipulin. **14** At si
Lot ay lumabas, at pinagsabihan niya ang kaniyang mga
manugang na nagasawa sa kaniyang mga anak na babae,
at sinabi, Magtindig kayo, magsialis kayo sa dakong ito;
sapagka't gugunawin ng Panginoon ang bayan. Datapuwa't
ang akala ng kaniyang mga manugang ay nagbibiro siya.
**15** At nang umumaga ay pinapagmadali ng mga anghel si
Lot, na sinasabi, Magbangon ka, ipagsama mo ang iyong
asawa at ang iyong dalawang anak na babae na narito, baka
pati ikaw ay madamay sa parusa sa bayan. **16** Datapuwa't
siya'y nagluluwat; at hinawakan ng mga lalake ang kaniyang
kamay, at ang kamay ng kaniyang asawa, at ang kamay ng
kaniyang dalawang anak na babae; sa habag sa kaniya ng
Panginoon: at siya'y kanilang inilabas, at siya'y kanilang
inilagay sa labas ng bayan. **17** At nangyari, na nang sila'y
mailabas na nila, ay sinabi, Itakas mo ang iyong buhay;
huwag kang lumingon o huminto man sa buong kapatagan;
tumakas ka hanggang sa bundok, baka ikaw ay mamatay.
**18** At sinabi sa kanila ni Lot, Huwag ganiyan, panginoon
ko: **19** Narito, ngayo't ang lingkod mo ay nakasumpong ng
biyaya sa iyong paningin, at pinakalaki mo ang iyong awang
ipinakita sa akin sa pagliligtas ng aking buhay; at ako'y di
makatatakas sa bundok, baka ako'y abutan ng sama, at
ako'y mamatay. **20** Narito, ang bayang ito ay malapit takasan
at maliit: Oh tulutan mong tumakas ako roon, (di ba yao'y
maliit?) at mabubuhay ako. **21** At sinabi sa kaniya, Narito, sa
bagay mang ito ay pinayagan din kita, na hindi ko gugunawin
ang bayang iyong sinalita. **22** Magmadali ka, tumakas
ka roon; sapagka't wala akong magagawa hanggang sa
dumating ka roon. Kaya't ang pangalang itinawag sa bayang
yaon ay Zoar. **23** Ang araw ay nakalitaw na sa lupa nang
dumating si Lot sa Zoar. **24** Nang magkagayo'y nagpaulan
ang Panginoon sa Sodoma at Gomorra ng azufre at apoy
mula sa Panginoon na buhat sa langit; **25** At ginunaw
niya ang mga bayang yaon, at ang buong Kapatagan at
ang lahat ng nanganananahan sa mga bayang yaon, at ang
tumutubo sa lupang yaon. **26** Datapuwa't ang asawa ni Lot
ay lumingon sa likuran ni Lot, at naging haliging asin. **27**
At si Abraham ay sumampang maaga ng kinaumagahan
sa dakong kinatayuan niya sa harap ng Panginoon. **28** At
siya'y tumingin sa dakong Sodoma at Gomorra, at sa buong
lupain ng Kapatagan, at tumanaw, at narito, ang usok ng
lupain ay napaiilanglang na parang usok ng isang hurno. **29**
At nangyari, na nang gunawin ng Dios ang mga bayan ng
Kapatagan, na naalaala ng Dios si Abraham, at pinalabas si
Lot, mula sa gitna ng pinaggunawan, nang gunawin ang mga
bayan na kinatitirahan ni Lot. **30** At sumampa si Lot mula sa
Zoar at tumira sa bundok, at ang kaniyang dalawang anak na
babae na kasama niya; sapagka't siya'y natakot na tumira sa
Zoar: at siya'y tumira sa isang yungib, siya at ang kaniyang
dalawang anak na babae. **31** At sinabi ng panganay sa
bunso: Ang ating ama ay matanda, at walang lalake sa
lupa na sumiping sa atin, ayon sa ugali ng sangkalupaan:
**32** Halika, painumin natin ng alak ang ating ama, at tayo'y
sumiping sa kaniya; upang mapalagi natin ang binhi ng ating
ama. **33** At pinainom nila ng alak ang kanilang ama ng gabing
yaon: at pumasok ang panganay at sumiping sa kaniyang
ama; at hindi naalaman, ng ama nang siya'y mahiga ni nang
siya'y magbangon. **34** At nangyari nang kinabukasan, na
sinabi ng panganay sa bunso. Narito, ako'y sumiping kagabi
sa aking ama; painumin din natin ng alak sa gabing ito; at
pumasok ka, at sumiping ka sa kaniya; upang mapalagi
natin ang binhi ng ating ama. **35** At pinainom din nila ng
alak ang kanilang ama ng gabing yaon: at nagtindig ang
bunso, at sumiping sa ama; at hindi naalaman ng ama nang
siya'y mahiga, ni nang siya'y magbangon. **36** Sa ganito'y
kapuwa nagdalangtao ang mga anak ni Lot sa pamamagitan
ng kanilang ama. **37** At nanganak ang panganay ng isang
lalake, at tinawag ang kaniyang ngalang Moab: na siya
ngang ama ng mga Moabita, hanggang sa araw na ito. **38** At
ang bunso ay nanganak din ng isang lalake, at tinawag ang
kaniyang pangalang Ben-ammi: na siya ngang ama ng mga
anak ni Ammon, hanggang ngayon.

**20** At mula roon ay naglakbay si Abraham sa dakong
lupain ng Timugan, at tumahan sa pagitan ng Cades at
Shur; at siya'y nakipamayan sa Gerar. **2** At sinabi ni Abraham
tungkol kay Sara na kaniyang asawa, Siya'y aking kapatid;
at si Abimelech na hari sa Gerar, ay nagsugo at kinuha si

Sara. 3 Datapuwa't naparoon ang Dios kay Abimelech sa
panaginip sa gabi, at sa kaniya'y sinabi, Narito, ikaw ay dili
iba't isang patay dahil sa babaing iyong kinuha; sapagka't
siya'y asawa ng isang lalake. 4 Nguni't si Abimelech ay hindi
pa, nakasisiping sa kaniya: at nagsabi, Panginoon, papatayin
mo ba pati ng isang bansang banal? 5 Hindi ba siya rin ang
nagsabi sa akin, Siya'y aking kapatid? at si Sara man ay
nagsabi, Siya'y aking kapatid; sa katapatang loob ng aking
puso, at kawalang sala ng aking mga kamay, ay ginawa ko
ito. 6 At sinabi sa kaniya ng Dios sa panaginip: Oo, talastas
ko, na sa katapatang loob ng iyong puso ay ginawa mo ito,
at hinadlangan din naman kita sa pagkakasala ng laban
sa akin: kaya't hindi ko ipinahintulot sa iyong galawin mo
siya. 7 Ngayon nga'y isauli mo ang asawa ng lalaking ito;
sapagka't siya'y profeta, at ikaw ay ipananalangin niya, at
mabubuhay ka: at kung di mo siya isauli, ay talastasin mong
walang pagsalang mamamatay ka, ikaw at ang lahat ng iyo.
8 At si Abimelech ay bumangong maaga ng kinaumagahan
at tinawag ang lahat niyang bataan, at sinabi sa kanilang
pakinig ang lahat ng bagay na ito: at ang mga tao'y natakot
na mainam. 9 Nang magkagayo'y tinawag ni Abimelech si
Abraham, at sa kaniya'y sinabi, Anong ginawa mo sa amin?
at sa ano ako nagkasala laban sa iyo, na dinalhan mo ako at
ang aking kaharian ng isang malaking kasalanan? Ginawan
mo ako ng mga gawang di marapat gawin. 10 At sinabi
ni Abimelech kay Abraham, Anong nakita mo na ginawa
mo ang bagay na ito? 11 At sinabi ni Abraham, Sapagka't
inisip ko. Tunay na walang takot sa Dios sa dakong ito: at
papatayin nila ako dahil sa aking asawa. 12 At saka talagang
siya'y kapatid ko, na anak ng aking ama, datapuwa't hindi
anak ng aking ina; at siya'y naging asawa ko: 13 At nangyari,
na nang ako'y palayasin ng Dios sa bahay ng aking ama,
na sinabi ko sa kaniya, Ito ang magandang kalooban mo
na maipakikita sa akin; sa lahat ng dakong ating datnin, ay
sabihin mo tungkol sa akin, Siya'y aking kapatid. 14 At si
Abimelech ay kumuha ng mga tupa at mga baka, at mga
aliping lalake at babae, at ipinagbibigay kay Abraham, at
isinauli sa kaniya si Sara na kaniyang asawa. 15 At sinabi
ni Abimelech, Narito ang lupain ko ay nasa harapan mo:
tumahan ka kung saan mo magalingin. 16 At kay Sara'y
sinabi niya, Narito, nagbigay ako ng isang libong putol na
pilak sa iyong kapatid: narito, ito sa iyo'y piring sa mga
mata ng lahat ng kasama mo; at sa harap ng lahat ay
nagbangong puri ka. 17 At nanalangin si Abraham sa Dios;
at pinagaling ng Dios si Abimelech, at ang kaniyang asawa,
at ang kaniyang mga aliping babae, na ano pa't nagkaanak
sila. 18 Sapagka't sinarhang lubos ng Panginoon ang lahat
ng bahay-bata sa bahay ni Abimelech, dahil kay Sara, na
asawa ni Abraham.

21 At dumalaw ang Panginoon kay Sara, ayon sa sinabi
niya, at ginawa ng Panginoon kay Sara ang ayon sa
kaniyang sinalita. 2 At si Sara ay naglihi at nagkaanak
ng isang lalake kay Abraham sa kaniyang katandaan, sa
tadhanang panahong sinabi ng Dios sa kaniya. 3 At tinawag
na Isaac ni Abraham ang ngalan ng kaniyang anak na
ipinanganak sa kaniya, na siyang ipinanganak ni Sara. 4 At
tinuli ni Abraham si Isaac ng magkaroon ng walong araw
gaya ng iniutos ng Dios sa kaniya. 5 At si Abraham ay may
isang daang taon, nang sa kaniya'y ipanganak si Isaac na
kaniyang anak. 6 At sinabi ni Sara, Pinatawa ako ng Dios,
sinomang makarinig ay makikitawa. 7 At sinabi niya, Sinong
nakapagsabi kay Abraham na si Sara ay magpapasuso
ng anak? sapagka't ako'y nagkaanak sa kaniya ng isang
lalake sa kaniyang katandaan. 8 At lumaki ang sanggol,
at inihiwalay sa suso; at nagpiging ng malaki si Abraham
ng araw na ihiwalay sa suso si Isaac. 9 At nakita ni Sara
ang anak ni Agar na taga Egipto, na ito'y nagkaanak kay
Abraham, na tumutuya sa kaniya. 10 Kaya't sinabi niya kay
Abraham, Palayasin mo ang aliping ito at ang kaniyang
anak: sapagka't hindi magmamana ang anak ng aliping ito
na kahati ng aking anak, sa makatuwid baga'y ni Isaac. 11
At ang bagay na ito ay naging lubhang mabigat sa paningin
ni Abraham dahil sa kaniyang anak. 12 At sinabi ng Dios
kay Abraham, Huwag mong mabigatin ito sa iyong paningin
dahil sa iyong alipin; sa lahat na sabihin sa iyo ni Sara, ay
makinig ka sa kaniyang tinig, sapagka't kay Isaac tatawagin
ang iyong lahi. 13 At ang anak din naman ng alipin ay
gagawin kong isang bansa, sapagka't siya'y anak mo. 14
At nagbangong maaga sa kinaumagahan si Abraham, at
kumuha ng tinapay at ng isang bangang balat ng tubig,
at ibinigay kay Agar, na ipinatong sa kaniyang balikat, at
ang bata at siya ay pinapagpaalam, at siya'y nagpaalam
at naggala sa ilang ng Beerseba. 15 At naubos ang tubig
sa bangang balat, at kaniyang inilapag ang bata sa ilalim
ng isa sa mabababang punong kahoy. 16 At yumaon at
naupo sa tapat niya, na ang layo ay isang hilagpos ng pana;
sapagka't sinabi niya, Huwag kong makita ang kamatayan
ng bata. At naupo sa tapat, at naghihiyaw at umiyak. 17 At
narinig ng Dios ang tinig ng bata; at tinawag ng anghel ng
Dios si Agar, mula sa langit, at sa kaniya'y sinabi, Naano ka
Agar? Huwag kang matakot; sapagka't narinig ng Dios ang
tinig ng bata sa kinalalagyan. 18 Magtindig ka, iyong itayo
ang bata, at alalayan mo siya ng iyong kamay; sapagka't
siya'y gagawin kong isang bansang malaki. 19 At idinilat ng
Dios ang kaniyang mga mata, at siya'y nakakita ng isang
balon ng tubig: at naparoon at pinuno ng tubig ang bangang
balat, at pinainom ang bata. 20 At ang Dios ay sumabata, at
siya'y lumaki; at tumahan sa ilang at naging mamamana.

21 At nanahan siya sa ilang ng Paran: at ikinuha siya ng
kaniyang ina ng asawa sa lupain ng Egipto. 22 At nangyari
ng panahong yaon, na si Abimelech, at si Ficol na kapitan ng
kaniyang hukbo ay nagsalita kay Abraham, na nagsasabi,
Sumasaiyo ang Dios sa lahat mong ginagawa: 23 Ngayon
nga'y ipanumpa mo sa akin dito alangalang sa Dios, na di
ka maglililo sa akin, kahit sa aking anak, kahit sa anak ng
aking anak; kundi ayon sa kagandahang loob na ipinakita ko
sa iyo, ay gayon ang gagawin mo sa akin, at sa lupaing
iyong pinakipamayanan. 24 At sinabi ni Abraham, Susumpa
ako. 25 At pinagwikaan ni Abraham si Abimelech dahil
sa isang balon ng tubig, na marahas na inalis sa kaniya
ng mga bataan ni Abimelech. 26 At sinabi ni Abimelech,
Aywan, kung sinong gumawa ng bagay na ito: na di mo man
sinabi sa akin, at hindi ko man nabalitaan kundi ngayon.
27 At kumuha si Abraham ng mga tupa, at mga baka, at
ibinigay kay Abimelech; at gumawa silang dalawa ng isang
tipan. 28 At ibinukod ni Abraham ang pitong korderong
babae sa kawan. 29 At sinabi ni Abimelech kay Abraham,
Anong kahulugan nitong pitong korderong babae na iyong
ibinukod? 30 At kaniyang sinabi, Itong pitong korderong
babae ay iyong kukunin sa aking kamay, upang sa akin ay
maging patotoo na hinukay ko ang balong ito. 31 Kaya't
tinawag niya ang dakong yaong Beerseba; sapagka't doon
sila kapuwa nanumpa. 32 Sa gayo'y gumawa sila ng isang
tipan sa Beerseba: at nagtindig si Abimelech, at si Ficol na
kapitan ng kaniyang hukbo at nagsipagbalik sa lupain ng
mga Filisteo. 33 At nagtanim si Abraham ng isang punong
kahoy na tamaring sa Beerseba, at sinambitla doon ang
pangalan ng Panginoong Dios na walang hanggan. 34 At
maraming araw na nakipamayan si Abraham sa lupain ng
mga Filisteo.

**22** At nangyari pagkatapos ng mga bagay na ito, na
sinubok ng Dios si Abraham, at sa kaniya'y sinabi,
Abraham; at sinabi niya, Narito ako. 2 At kaniyang sinabi,
Kunin mo ngayon ang iyong anak, ang iyong bugtong na
anak na si Isaac, na iyong minamahal at pumaroon ka sa
lupain ng Moria; at ihain mo siya roong handog na susunugin
sa ibabaw ng isa sa mga bundok na aking sasabihin sa
iyo. 3 At si Abraham ay bumangong maaga, at inihanda
ang kaniyang asno, at ipinagsama ang dalawa sa kaniyang
mga alila, at si Isaac na kaniyang anak: at nagsibak ng
kahoy para sa haing susunugin, at bumangon at naparoon
sa dakong sinabi sa kaniya ng Dios. 4 Nang ikatlong araw
ay itiningin ni Abraham ang kaniyang mga mata at natanaw
niya ang dakong yaon sa malayo. 5 At sinabi ni Abraham sa
kaniyang mga alila, Maghintay kayo rito sangpu ng asno, at
ako at ang bata ay paroroon doon; at kami ay sasamba, at
pagbabalikan namin kayo. 6 At kinuha ni Abraham ang kahoy
ng handog na susunugin, at ipinasan kay Isaac na kaniyang
anak; at dinala sa kaniyang kamay ang apoy at ang sundang;
at sila'y kapuwa yumaong magkasama. 7 At nagsalita si
Isaac kay Abraham na kaniyang ama, na sinabi, Ama ko:
at kaniyang sinabi, Narito ako, anak ko. At sinabi, Narito,
ang apoy at ang kahoy, nguni't saan naroon ang korderong
pinakahandog na susunugin? 8 At sinabi ni Abraham, Dios
ang maghahanda ng korderong pinakahandog na susunugin,
anak ko: ano pa't sila'y kapuwa yumaong magkasama. 9 At
sila'y dumating sa dakong sa kaniya'y sinabi ng Dios; at
nagtayo si Abraham doon ng isang dambana, at inayos ang
kahoy, at tinalian si Isaac na kaniyang anak at inilagay sa
ibabaw ng dambana, sa ibabaw ng kahoy. 10 At iniunat ni
Abraham ang kaniyang kamay at hinawakan ang sundang
upang patayin ang kaniyang anak. 11 At tinawag siya ng
anghel ng Panginoon mula sa langit, at sinabi, Abraham,
Abraham: at kaniyang sinabi, Narito ako. 12 At sa kaniya'y
sinabi, Huwag mong buhatin ang iyong kamay sa bata, o
gawan man siya ng anoman: sapagka't talastas ko ngayon,
na ikaw ay natatakot sa Dios, sa paraang hindi mo itinanggi
sa akin ang iyong anak, ang iyong bugtong na anak. 13 At
itiningin ni Abraham ang kaniyang mga mata, at nagmalas,
at narito, ang isang tupang lalake, sa dakong likuran niya
na huli sa dawag sa kaniyang mga sungay: at pumaroon
si Abraham, at kinuha ang tupa, at siyang inihandog na
handog na susunugin na inihalili sa kaniyang anak. 14 At
pinanganlan ni Abraham ang dakong yaon, ng Jehova-jireh:
gaya ng kasabihan hanggang sa araw na ito: Sa bundok
ng Panginoon ay mahahanda. 15 At tinawag ng anghel ng
Panginoon si Abraham na ikalawa mula sa langit. 16 At
sinabi, Sa aking sarili ay sumumpa ako, anang Panginoon,
sapagka't ginawa mo ito, at hindi mo itinanggi sa akin ang
iyong anak, ang iyong bugtong na anak; 17 Na sa pagpapala
ay pagpapalain kita, at sa pagpaparami ay pararamihin ko
ang iyong binhi, na gaya ng mga bituin sa langit, at gaya
ng mga buhangin sa baybayin ng dagat; at kakamtin ng
iyong binhi ang pintuang-bayan ng kaniyang mga kaaway;
18 At pagpapalain sa iyong binhi ang lahat ng bansa sa
lupa; sapagka't sinunod mo ang aking tinig. 19 Sa gayo'y
nagbalik si Abraham sa kaniyang mga alila, at nagsitindig
at samasamang nagsiparoon sa Beerseba; at tumahan si
Abraham sa Beerseba. 20 At nangyari, pagkatapos ng mga
bagay na ito, na ibinalita kay Abraham na sinasabi, Narito, si
Milca rin naman ay nagkaroon ng mga anak kay Nahor na
iyong kapatid. 21 Si Huz ang kaniyang panganay, at si Buz
na kaniyang kapatid, at si Kemuel na ama ni Aram; 22 Si
Chesed din naman, at si Hazo, at si Pildas, at si Jidlaph, at
si Bethuel. 23 At naging anak ni Bethuel si Rebeca: ang
walong ito ay naging anak ni Milca kay Nachor na kapatid ni

Abraham. 24 At ipinanganak din naman ng kaniyang babae
na tinatawag na Reuma, si Teba, at si Gaham, at si Taas at
si Maacha.

**23** At ang buhay ni Sara ay tumagal ng isang daan at
dalawang pu't pitong taon: ito ang naging mga taon
ng buhay ni Sara. 2 At namatay si Sara sa Kiriatharba
(na siyang Hebron), sa lupain ng Canaan: at naparoon si
Abraham na ipinagluksa si Sara at iniyakan. 3 At tumindig
si Abraham sa harap ng kaniyang patay, at nagsalita sa
mga anak ni Heth, na sinasabi, 4 Ako'y tagaibang bayan
at nakikipamayan sa inyo: bigyan ninyo ako ng isang pag-
aaring libingan sa gitna ninyo, upang aking ilibing ang aking
patay, na malingid sa aking paningin. 5 At ang mga anak ni
Heth ay sumagot kay Abraham, na nagsasabi sa kaniya, 6
Dinggin mo kami, panginoon ko: ikaw ay prinsipe ng Dios
sa gitna namin: sa pinakahirang sa aming mga libingan
ay ilibing mo ang iyong patay; wala sa amin na magkakait
sa iyo ng kaniyang libingan, upang paglibingan ng iyong
patay. 7 At tumindig si Abraham, at yumukod sa bayan ng
lupain, sa mga anak nga ni Heth. 8 At nakiusap sa kanila,
na sinasabi, Kung kalooban ninyo na aking ilibing ang aking
patay na malingid sa aking paningin, ay dinggin ninyo ako,
at pamagitanan ninyo ako kay Ephron, na anak ni Zohar,
9 Upang ibigay niya sa akin ang yungib ng Macpela, na
kaniyang inaari, na nasa hangganan ng kaniyang parang;
sa tapat na halaga ay ibigay niya sa akin, upang maging
pag-aaring libingan sa gitna ninyo. 10 Si Ephron nga ay
nakaupo sa gitna ng mga anak ni Heth: at sumagot si Ephron
na Hetheo kay Abraham, sa harap ng mga anak ni Heth,
na naririnig ng lahat na pumapasok sa pintuan ng bayan,
na sinasabi, 11 Hindi, panginoon ko, dinggin mo ako: ang
parang ay ibinibigay ko sa iyo, at ang yungib na naroroon ay
ibinibigay ko sa iyo; sa harap ng mga anak ng aking bayan,
ay ibinigay ko sa iyo: ilibing mo ang iyong patay. 12 At si
Abraham ay yumukod sa harapan ng bayan ng lupain. 13
At nagsalita kay Ephron sa harap ng bayan ng lupain, na
sinasabi, Maanong ako lamang ay iyong pakinggan: ibibigay
ko sa iyo ang halaga ng parang; tanggapin mo sa akin, at
ililibing ko roon ang aking patay. 14 At sumagot si Ephron
kay Abraham, na sinasabi sa kaniya, 15 Panginoon ko,
dinggin mo ako: isang putol ng lupa na ang halaga'y apat
na raang siklong pilak: gaano sa akin at sa iyo? ilibing mo
nga ang iyong patay. 16 At dininig ni Abraham si Ephron; at
tinimbang ni Abraham kay Ephron ang salaping sinabi, sa
harap ng mga anak ni Heth, apat na raang siklong pilak,
na karaniwang salapi ng mga mangangalakal. 17 Kaya't
ang parang ni Ephron na nasa Macpela, na nasa tapat ng
Mamre, ang parang at ang yungib na nandoon, at ang lahat
ng mga punong kahoy na nasa parang na yaon, na ang
nasa buong hangganan niyaon sa palibot, ay pinagtibay 18
Kay Abraham na pag-aari sa harap ng mga anak ni Heth,
sa harapan ng lahat ng nagsisipasok sa pintuang daan
ng kaniyang bayan. 19 At pagkatapos nito ay inilibing ni
Abraham si Sara na kaniyang asawa sa yungib ng parang
sa Macpela sa tapat ng Mamre (na siyang Hebron) sa lupain
ng Canaan. 20 At ang parang at ang yungib na naroroon,
ay pinagtibay kay Abraham ng mga anak ni Heth, na pag-
aaring libingan niya.

**24** At si Abraham ay matanda na, at lipas na sa panahon:
at pinagpala ng Panginoon si Abraham sa lahat ng mga
bagay. 2 At sinabi ni Abraham sa kaniyang alilang katiwala,
sa pinakamatanda sa kaniyang bahay na namamahala ng
lahat niyang tinatangkilik: Ipinamamanhik ko sa iyo na ilagay
mo ang iyong kamay sa ilalim ng aking hita: 3 At ikaw
ay aking pasusumpain, alangalang sa Panginoon sa Dios
ng langit at Dios ng lupa, na hindi mo papag-aasawahin
ang aking anak sa mga anak ng mga Cananeo na siyang
aking pinakikitahanan: 4 Kundi ikaw ay paroroon sa aking
lupain, at sa aking kamaganakan, at papag-aasawahin mo
roon ang aking anak na si Isaac. 5 At sinabi sa kaniya
ng lingkod, Sakaling hindi iibigin ng babae na sumama
sa akin sa lupaing ito: dapat ko bang ibalik ang anak mo
sa lupaing pinanggalingan mo? 6 At sinabi sa kaniya ni
Abraham, Ingatan mong huwag ibalik doon ang aking anak.
7 Ang Panginoon, ang Dios ng langit, na kumuha sa akin sa
bahay ng aking ama, at sa lupaing aking tinubuan, at sa
akin ay nagsalita, at sa akin ay sumumpa, na nagsasabi, Sa
iyong binhi, ibibigay ko ang lupaing ito: ay magsusugo siya
ng kaniyang anghel sa unahan mo, at papag-aasawahin
mo roon ang aking anak. 8 At kung ang babae ay ayaw
sumama sa iyo, ay maliligtas ka rito sa aking sumpa;
huwag mo lamang pabalikin ang aking anak doon. 9 At
inilagay ng alilang katiwala ang kaniyang kamay sa ilalim ng
hita ni Abraham na kaniyang panginoon, at sumumpa sa
kaniya tungkol sa bagay na ito. 10 At kumuha ang alilang
katiwala ng sangpung kamelyo sa mga kamelyo ng kaniyang
panginoon, at yumaon; na dala ang pinakamabuti sa lahat
ng pag-aari ng kaniyang panginoon: at tumindig at napasa
Mesopotamia, sa bayan ni Nachor. 11 At kaniyang pinaluhod
ang mga kamelyo sa labas ng bayan, sa tabi ng balon ng
tubig, ng dakong palubog na ang araw, na kapanahunan
nang paglabas ng mga babae upang umigib ng tubig. 12
At sinabi, Oh Panginoon, Dios ng aking panginoong si
Abraham, ipinamamanhik ko sa iyong pagkalooban mo ako
ng mabuting kapalaran ngayon, at ikaw ay magmagandang
loob sa aking panginoong kay Abraham. 13 Narito, ako'y
nakatayo sa tabi ng bukal ng tubig: at ang mga anak na
babae ng mga tao sa bayan, ay nagsilabas upang umigib ng

tubig: **14** At mangyari nga na ang dalagang aking pagsabihan,
Ibaba mo, isinasamo ko sa iyo, ang iyong banga upang ako'y
uminom; at siya'y magsabi, Uminom ka, at paiinumin ko pati
ng iyong mga kamelyo: maging siyang iyong itinalaga sa
iyong lingkod na kay Isaac: at sa ganito ay malalaman kong
nagmagandang loob ka sa aking panginoon. **15** At nangyari,
na bago natapos ang pananalita niya, ay narito si Rebeca
na ipinanganak kay Bethuel, na anak ni Milca, na asawa ni
Nachor na kapatid ni Abraham na lumalabas na pasan ang
kaniyang banga sa kaniyang balikat. **16** At ang babae ay
may magandang anyo, dalaga, na hindi pa nasisipingan ng
lalake: at lumusong sa bukal, at pinuno ang kaniyang banga,
at umahon. **17** At tumakbong sinalubong siya ng alilang
katiwala na sinabi, Makikiinom ako ng kaunting tubig sa
iyong banga. **18** At sinabi niya, Uminom ka, panginoon ko:
at nagmadaling ibinaba ang banga sa kaniyang kamay, at
pinainom siya. **19** At pagkatapos na kaniyang mapainom, ay
sinabi, Iyiigib ko naman ang iyong mga kamelyo, hanggang
sa makainom na lahat. **20** At ibinuhos na dalidali ang
kaniyang banga sa inuman, at tumakbong muli sa balon
upang umigib at iniigib ang lahat niyang kamelyo. **21** At
siya'y tinitigan ng lalake; na hindi umiimik, upang maalaman
kung pinagpala ng Panginoon ang kaniyang paglalakbay o
hindi. **22** At nangyari, nang makainom ang mga kamelyo,
na kumuha ang lalake ng isang singsing na ginto, na may
kalahating siklo sa timbang, at dalawang pulsera upang
ilagay sa kaniyang mga kamay, na may timbang na sangpung
siklong ginto; **23** At sinabi, Kaninong anak ka? sabihin
mo sa akin, ipinamamanhik ko sa iyo. May lugar ba sa
bahay ng iyong ama na aming matutuluyan? **24** At sinabi
niya sa kaniya, Anak ako ni Bethuel, na anak ni Milca, na
ipinanganak niya kay Nahor. **25** Sinabi rin niya sa kaniya,
Mayroon din naman kaming saganang dayami at pagkain sa
hayop, at dakong matutuluyan. **26** At lumuhod ang lalake at
sumamba sa Panginoon. **27** At siya'y nagsabi, Purihin ang
Panginoon, ang Dios ng aking panginoong si Abraham, na
hindi inilayo ang kaniyang habag at ang kaniyang pagtatapat,
sa aking panginoon: tungkol sa akin, ay pinatnugutan ako ng
Panginoon sa daan hanggang sa bahay ng mga kapatid ng
aking panginoon. **28** At tumakbo ang dalaga at isinaysay sa
sangbahayan ng kaniyang ina ang ayon sa mga salitang ito.
**29** At mayroon si Rebeca na isang kapatid na nagngangalang
Laban: at tinakbo ni Laban ang lalake sa labas, sa bukal. **30**
At nangyari, pagkakita ng singsing, at ng mga pulsera sa
mga kamay ng kaniyang kapatid, at pagkarinig ng mga salita
ni Rebeca na kaniyang kapatid, na sinasabi, Gayon sinalita
sa akin ng lalake; na naparoon siya sa lalake; at narito,
ito'y nakatayo sa siping ng mga kamelyo, sa bukal. **31** At
sinabi niya, Pumasok ka, pinagpala ng Panginoon; bakit ka
nakatayo sa labas? sapagka't inihanda ko ang bahay, at
ang dako ng mga kamelyo. **32** At pumasok ang lalake sa
bahay, at kinalagan ang mga kamelyo; at binigyan ni Laban
ng dayami at pagkain ang mga kamelyo, at ng tubig upang
ipaghugas ng kaniyang mga paa, at ng mga paa ng mga
taong kasama niya. **33** At siya'y hinainan nila ng pagkain:
datapuwa't kaniyang sinabi, Hindi ako kakain hanggang
hindi ko nasasabi ang aking sadya. At sinabi ni Laban,
Magsalita ka. **34** At kaniyang sinabi, Alilang katiwala ako ni
Abraham. **35** At pinagpalang mainam ng Panginoon ang
aking panginoon; at siya'y naging dakila: at siya'y binigyan
ng kawan at bakahan, at ng pilak at ng ginto, at ng mga
aliping lalake, at babae, at ng mga kamelyo, at ng mga asno.
**36** At si Sara na asawa ng aking panginoon, ay nagkaanak
ng lalake sa aking panginoon, nang siya'y matanda na: at
siyang pinagbigyan ni Abraham ng kaniyang lahat na inaari.
**37** At pinapanumpa ako ng aking panginoon, na sinasabi,
Huwag mong papag-aasawahin ang aking anak sa mga
anak na babae ng mga Cananeo na siyang lupaing aking
tinatahanan: **38** Kundi paroroon ka sa bahay ng aking ama
at sa aking kamaganakan, at papag-aasawahin mo roon ang
aking anak. **39** At sinabi ko sa aking panginoon, Sakaling
hindi iibigin ng babaing sumama sa akin. **40** At kaniyang
sinabi sa akin, Ang Panginoon na sa harap niya'y lumalakad
ako, ay susuguin niyang kasama mo ang kaniyang anghel, at
kaniyang pagpapalain ang iyong lakad, at papag-aasawahin
mo ang aking anak sa aking kamaganakan, at sa angkan ng
aking ama: **41** Kung magkagayo'y makakakawala ka sa aking
sumpa, pagka ikaw ay dumating sa aking kamaganakan;
at kung hindi nila ibigay sa iyo, ay makakakawala ka sa
aking sumpa. **42** At dumating ako ng araw na ito, sa bukal,
at aking sinabi, Oh Panginoon, na Dios ng aking panginoong
si Abraham, kung ngayo'y pinagpapala mo ang aking lakad
na nilalakad ko: **43** Narito, nakatayo ako sa tabi ng bukal ng
tubig; at mangyari, na ang dalagang lumabas na umigib na
aking pagsasabihan, Makikiinom ako sa iyo ng kaunting
tubig sa iyong banga; **44** At siya'y magsasabi sa akin,
Uminom ka, at iyigib ko pati ng iyong mga kamelyo: ay
siyang maging babaing itinalaga ng Panginoon sa anak ng
aking panginoon. **45** At bago ko nasalita sa sarili, narito
si Rebeca, na lumalabas na pasan ang kaniyang banga
sa kaniyang balikat; at lumusong sa bukal at umigib: at
aking sinabi sa kaniya, Makikiinom ako sa iyo. **46** At dalidali
niyang ibinaba ang kaniyang banga sa kaniyang balikat, at
nagsabi, Uminom ka, at paiinumin ko pati ng iyong mga
kamelyo: sa gayo'y uminom ako, at pinainom niya pati ng
mga kamelyo, **47** At siya'y aking tinanong, at aking sinabi,
Kaninong anak ka? at kaniyang sinabi, Anak ako ni Bethuel,
na anak ni Nachor, na ipinanganak sa kaniya ni Milca: at

inilagay ko ang hikaw sa kaniyang ilong, at ang mga pulsera
sa kaniyang mga kamay. **48** At aking iniyukod ang aking ulo,
at sumamba ako sa Panginoon at pumuri sa Panginoon, na
Dios ng aking panginoong si Abraham, na pumatnubay sa
akin sa daang matuwid upang kunin ang anak ng kapatid ng
aking panginoon, para sa kaniyang anak. **49** At ngayon,
kung inyong mamagandahing loob at mamatapatin sa aking
panginoon ay sabihin ninyo sa akin: at kung hindi, ay
sabihin din ninyo sa akin; upang pumihit ako sa kanan o
sa kaliwa. **50** Nang magkagayo'y sumagot si Laban at si
Bethuel, at sinabi, Sa Panginoon nagmumula ito: kami ay
hindi makapagsasabi sa iyo ng masama o ng mabuti. **51**
Narito, si Rebeca ay nasa harap mo, dalhin mo, at yumaon
ka, at siya'y maging asawa ng anak ng iyong panginoon, na
gaya ng sinalita ng Panginoon. **52** At nangyari, na pagkarinig
ng alilang katiwala ni Abraham ng kaniyang mga salita,
ay nagpatirapa sa lupa sa harap ng Panginoon. **53** At
naglabas ang alilang katiwala ng mga hiyas na pilak at mga
hiyas na ginto, at mga damit, at mga ibinigay kay Rebeca:
nagbigay rin siya ng mga mahalagang bagay sa kaniyang
kapatid na lalake at sa kaniyang ina. **54** At nangagsikain at
nangagsiinom siya at ang mga taong kasama niya, at doon
nagparaan ng magdamag, at sila'y nagsibangon ng umaga
at kaniyang sinabi, Suguin ninyo ako sa aking panginoon.
**55** At sinabi ng kaniyang kapatid na lalake, at ng kaniyang
ina, Matira ang dalaga sa aming ilang araw, sangpung araw
man lamang; pagkatapos ay paroroon siya. **56** At sinabi niya
sa kanila, Huwag ninyo akong pigilin, yamang pinagpala
ng Panginoon ang aking lakad; papagpaalamin na ninyo
ako, upang ako'y umuwi sa aking panginoon. **57** At kanilang
sinabi, Tatawagin namin ang dalaga at uusisain namin sa
kaniyang bibig. **58** At kanila ngang tinawag si Rebeca, at
kanilang sinabi sa kaniya, Sasama ka ba sa lalaking ito? At
sinabi niya, Sasama ako. **59** At kanilang pinapagpaalam si
Rebeca na kanilang kapatid, at ang kaniyang yaya, at ang
alilang katiwala ni Abraham, at ang kaniyang mga tao. **60** At
kanilang binasbasan si Rebeca, at sinabi nila sa kaniya,
Kapatid namin, maging ina ka nawa ng yutayuta, at kamtin
ng iyong binhi ang pintuang-bayan niyaong mga napopoot sa
kanila. **61** At tumindig si Rebeca, at ang kaniyang mga abay,
at nangagsisakay sa mga kamelyo, at nangagsisunod sa
lalake; at dinala ng alilang katiwala si Rebeca at yumaon. **62**
At si Isaac ay nanggaling sa daang Beer-lahai-roi; sapagka't
siya'y natira sa lupaing Timugan. **63** At lumabas si Isaac sa
parang upang magmunimuni ng dakong hapon: at kaniyang
itiningin ang kaniyang mga mata, at kaniyang nakita, at,
narito, may dumarating na mga kamelyo. **64** Itiningin naman
ni Rebeca ang kaniyang mga mata at nang makita niya si
Isaac, ay bumaba sa kamelyo. **65** At sinabi ni Rebeca sa
alilang katiwala, Sino yaong taong naglalakad sa parang na
sumasalubong sa atin? At sinabi ng alilang katiwala, Yaon
ang aking panginoon: at kinuha niya ang kaniyang lambong,
at siya'y nagtakip. **66** At isinaysay ng alilang katiwala kay
Isaac ang lahat ng kaniyang ginawa. **67** At dinala siya
ni Isaac sa tolda ni Sara na kaniyang ina, at ipinagsama
si Rebeca, at naging kaniyang asawa: at kaniya namang
sininta: at naaliw si Isaac, pagkamatay ng kaniyang ina.

**25** At si Abraham ay nagasawa ng iba, at ang pangalan
ay Cetura. **2** At naging anak nito sa kaniya si Zimram
at si Joksan, at si Medan, at si Midiam, at si Ishbak, at si
Sua. **3** At naging anak ni Joksan si Seba at si Dedan. At ang
mga anak na lalake ni Dedan, ay si Assurim at si Letusim, at
si Leummim. **4** At ang mga anak ni Midian: si Epha at si
Epher, at si Enech, at si Abida, at si Eldaa. Lahat ng ito ay
mga anak ni Cetura. **5** At ibinigay ni Abraham ang lahat
ng kaniyang tinatangkilik kay Isaac. **6** Datapuwa't ang mga
anak ng naging mga babae ni Abraham, ay pinagbibigyan ni
Abraham ng mga kaloob; at samantalang nabubuhay pa siya
ay mga inilayo niya kay Isaac na kaniyang anak sa dakong
silanganan sa lupaing silanganan. **7** At ito ang mga araw ng
mga taon ng buhay na ikinabuhay ni Abraham, isang daan at
pitong pu't limang taon. **8** At nalagot ang hininga ni Abraham
at namatay sa mabuting katandaan, matanda at puspos ng
mga taon; at nalakip sa kaniyang bayan. **9** At inilibing siya
ni Isaac at ni Ismael na kaniyang mga anak sa yungib ng
Macpela, sa parang ni Ephron, na anak ni Zohar na Hetheo,
na nasa tapat ng Mamre; **10** Sa parang na binili ni Abraham
sa mga anak ni Heth: doon inilibing si Abraham at si Sara na
kaniyang asawa. **11** At nangyari, pagkamatay ni Abraham,
na pinagpala ng Dios si Isaac na kaniyang anak; at si Isaac
ay nanahan sa tabi ng Beer-lahai-roi. **12** Ang mga ito nga
ang sali't saling lahi ni Ismael, anak ni Abraham, na naging
anak kay Abraham ni Agar na taga Egipto, na alila ni Sara:
**13** At ito ang mga pangalan ng mga anak ni Ismael, ayon sa
kanikaniyang lahi: ang panganay ni Ismael ay si Nabaioth; at
si Cedar, at si Adbeel, at si Mibsam, **14** At si Misma, at si
Duma, at si Maasa, **15** At si Hadad, at si Tema, si Jetur, si
Naphis, at si Cedema: **16** Ito ang mga anak ni Ismael, at ito
ang kanikaniyang pangalan, ayon sa kanikaniyang nayon, at
ayon sa kanikaniyang hantungan: labing dalawang pangulo
ayon sa kanilang bansa. **17** At ito ang mga naging taon ng
buhay ni Ismael, isang daan at tatlong pu't pitong taon; at
nalagot ang hininga at namatay; at siya'y nalakip sa kaniyang
bayan. **18** At nagsisitahan sila mula sa Havila hanggang
sa Shur, na natatapat sa Egipto, kung patutungo sa Asiria;
siya'y tumahan sa harap ng lahat niyang mga kapatid. **19** At
ito ang mga sali't saling lahi ni Isaac, na anak ni Abraham:
naging anak ni Abraham si Isaac, **20** At si Isaac ay may apat

na pung taon, nang siya'y magasawa kay Rebeca, na anak
ni Bethuel na taga Siria sa Padan-aram, kapatid na babae ni
Laban na taga Siria. **21** At nanalangin si Isaac sa Panginoon
dahil sa kaniyang asawa, sapagka't baog; at nadalanginan
niya ang Panginoon, at si Rebeca na kaniyang asawa ay
naglihi. **22** At nagbubuno ang mga bata sa loob niya; at
kaniyang sinabi, Kung ganito'y bakit nabubuhay pa ako? At
siya'y yumaong nagsiyasat sa Panginoon. **23** At sinabi sa
kaniya ng Panginoon, Dalawang bansa ay nasa iyong bahay-
bata, At dalawang bayan ay papaghihiwalayin mula sa iyong
tiyan: At ang isang bayan ay magiging malakas kaysa isang
bayan; At ang matanda ay maglilingkod sa bata. **24** At nang
matupad ang mga araw ng kaniyang kapanganakan, narito't
kambal sa kaniyang bahay-bata. **25** At ang unang lumabas
ay mapula na buong katawa'y parang mabalahibong damit;
at siya'y pinanganlang Esau. **26** At pagkatapos ay lumabas
ang kaniyang kapatid, at ang kaniyang kamay ay nakakapit
sa sakong ni Esau; at ipinangalan sa kaniya ay Jacob: at si
Isaac ay may anim na pung taon na, nang sila'y ipanganak ni
Rebeca. **27** At nagsilaki ang mga bata; at si Esau ay naging
maliksi sa pangangaso, lalake sa parang; at si Jacob ay
lalaking tahimik, na tumatahan sa mga tolda. **28** Minamahal
nga ni Isaac si Esau, sapagka't kumakain ng kaniyang
pinangangasuhan: at minamahal ni Rebeca si Jacob. **29** At
nagluto si Jacob ng lutuin: at dumating si Esau na galing
sa parang, at siya'y nanglalambot: **30** At sinabi ni Esau
kay Jacob, Ipinamamanhik ko sa iyo na pakanin mo ako
niyaong mapulang lutuin; sapagka't ako'y nanglalambot:
kaya't tinawag ang pangalan niya na Edom. **31** At sinabi ni
Jacob, Ipagbili mo muna sa akin ang iyong pagkapanganay.
**32** At sinabi ni Esau, Narito, ako'y namamatay: at saan
ko mapapakinabangan ang pagkapanganay? **33** At sinabi
ni Jacob, Isumpa mo muna sa akin; at isinumpa niya sa
kaniya: at kaniyang ipinagbili ang kaniyang pagkapanganay
kay Jacob. **34** At binigyan ni Jacob si Esau ng tinapay at
nilutong lentehas; at siya'y kumain, at uminom, at bumangon
at yumaon: gayon niwalang halaga ni Esau ang kaniyang
pagkapanganay.

**26** At nagkagutom sa lupain, bukod sa unang
pagkakagutom na nangyari ng mga araw ni Abraham.
At naparoon si Isaac kay Abimelech, na hari ng mga Filisteo
sa Gerar. **2** At napakita ang Panginoon sa kaniya, at nagsabi,
Huwag kang bumaba sa Egipto; matira ka sa lupaing aking
sasabihin sa iyo: **3** Matira ka sa lupaing ito, at ako'y sasa iyo,
at ikaw ay aking pagpapalain; sapagka't sa iyo at sa iyong
binhi ay ibibigay ko ang lahat ng lupaing ito, at pagtitibayin
ko ang sumpang aking isinumpa kay Abraham na iyong
ama; **4** At aking pararamihin ang iyong binhi na gaya ng
mga bituin sa langit, at ibibigay ko sa iyong binhi ang lahat
ng lupaing ito: at pagpapalain sa iyong binhi ang lahat ng
bansa sa lupa; **5** Sapagka't sinunod ni Abraham ang aking
tinig, at ginanap ang aking bilin, ang aking mga utos, ang
aking mga palatuntunan at ang aking mga kautusan. **6** At
tumahan si Isaac sa Gerar. **7** At tinanong siya ng mga taong
tagaroon tungkol sa kaniyang asawa; at sinabi niya, Siya'y
aking kapatid; sapagka't natakot na sabihin, Siya'y aking
asawa: baka ako'y patayin, aniya, ng mga taong tagarito,
dahil kay Rebeca; dahil sa siya'y may magandang anyo. **8**
At nangyari nang siya'y naroong mahabang panahon, na
dumungaw si Abimelech, na hari ng mga Filisteo sa isang
durungawan, at tumingin, at narito't si Isaac ay nakikipaglaro
kay Rebeca na kaniyang asawa. **9** At tinawag ni Abimelech
si Isaac, at sa kaniya'y sinabi, Narito, tunay na siya'y iyong
asawa: at bakit sinabi mo, Siya'y aking kapatid? At sumagot
sa kaniya si Isaac, Sapagka't sinabi ko, Baka ako'y mamatay
dahil sa kaniya. **10** At sinabi ni Abimelech, Ano itong ginawa
mo sa amin? hindi malayong ang sinoman sa bayan ay
nakasiping sa iyong asawa, at sa gayon ay pinapagkasala
mo kami. **11** At ibinilin ni Abimelech sa buong bayan, na
sinabi, Ang gumalaw sa lalaking ito o sa kaniyang asawa ay
tunay na papatayin. **12** At si Isaac ay naghasik sa lupaing
yaon, at umani siya ng taong yaon, ng tigisang daan at
pinagpala siya ng Panginoon. **13** At naging dakila ang lalake
at lalo't lalong naging dakila hanggang sa naging totoong
dakila. **14** At siya'y may tinatangkilik na mga kawan, at mga
tinatangkilik na mga bakahan, at malaking sangbahayan:
at kinainggitan siya ng mga Filisteo. **15** Lahat ng mga
balon ngang hinukay ng mga bataan ng kaniyang ama,
nang mga kaarawan ni Abraham na kaniyang ama, ay
pinagtabunan ng mga Filisteo, na mga pinuno ng lupa. **16**
At sinabi ni Abimelech kay Isaac; Humiwalay ka sa amin,
sapagka't ikaw ay makapupong matibay kay sa amin. **17**
At umalis si Isaac doon, at humantong sa libis ng Gerar,
at tumahan doon. **18** At muling hinukay ni Isaac ang mga
balon ng tubig na kanilang hinukay nang mga kaarawan
ni Abraham na kaniyang ama; sapagka't pinagtabunan
ng mga Filisteo, pagkamatay ni Abraham: at kaniyang
mga pinanganlan ng ayon sa mga pangalang inilagay ng
kaniyang ama. **19** At humukay sa libis ang mga bataan ni
Isaac, at nangakasumpong doon ng isang balon ng tubig
na bumubukal. **20** At nakipagtalo ang mga pastor ni Gerar
sa mga pastor ni Isaac, na sinasabi, Amin ang tubig; at
kaniyang tinawag ang pangalan ng balon, na Esec; sapagka't
ipinakipagkaalit sa kaniya. **21** At sila'y humukay ng ibang
balon; at kanilang pinagtalunan din: at kaniyang tinawag ang
pangalan na Sitnah. **22** At bumunot siya roon, at humukay ng
ibang balon; at hindi nila pinagtalunan: at kaniyang tinawag
ang pangalan na Rehoboth; at kaniyang sinabi, Sapagka't

ngayo'y binigyan tayo ng Panginoon ng kaluwagan, at
lalago tayo sa lupain. 23 At mula roon ay umahon siya sa
Beerseba. 24 At napakita sa kaniya ang Panginoon ng gabi
ring yaon, at nagsabi, Ako ang Dios ni Abraham na iyong
ama: huwag kang matakot, sapagka't ako'y sumasaiyo,
at ikaw ay aking pagpapalain, at aking pararamihin ang
iyong binhi, alangalang kay Abraham na aking lingkod. 25 At
si Isaac ay nagtayo roon ng isang dambana, at kaniyang
sinambitla ang pangalan ng Panginoon, at itinindig niya roon
ang kaniyang tolda: at humukay roon ang mga bataan ni
Isaac ng isang balon. 26 Nang magkagayo'y si Abimelech
ay naparoon sa kaniya mula sa Gerar, at si Ahuzath na
kaniyang kaibigan, at si Phicol na kapitan ng kaniyang hukbo.
27 At sinabi sa kanila ni Isaac, Bakit kayo naparirito sa akin,
dangang kayo'y nangapopoot sa akin at pinalayas ninyo ako
sa inyo? 28 At sinabi nila, Malinaw na aming nakita, na ang
Panginoon ay sumasaiyo: at aming sinabi, Magkaroon ng
pagsusumpaan tayo, kami at ikaw at makipagtipan kami sa
iyo: 29 Na hindi ka gagawa sa amin ng masama, gaya naman
namin na hindi ka namin ginalaw, at wala kaming ginawa
sa iyong di mabuti, at pinayaon ka naming payapa: ikaw
ngayon ang pinagpala ng Panginoon. 30 At pinaghandaan
niya sila, at sila'y nagkainan at naginuman. 31 At sila'y
gumising ng madaling araw, at sila'y nagpanumpaan: at sila'y
pinagpaalam ni Isaac, at nagsialis na payapa sa kaniya. 32
At nangyari, nang araw ding yaon, na nagsidating ang mga
bataan ni Isaac, at siya'y binalitaan tungkol sa balon nilang
hinukay, at sinabi sa kaniya, Nakasumpong kami ng tubig.
33 At tinawag niyang Seba: kaya't ang pangalan ng bayang
yaon ay Beerseba hanggang ngayon. 34 At nang si Esau ay
may apat na pung taon ay nagasawa kay Judit, na anak ni
Beeri na Heteo, at kay Basemat na anak ni Elon na Heteo:
35 At sila'y nakasama ng loob kay Isaac at kay Rebeca.

**27** At nangyari, nang matanda na si Isaac, at malabo
na ang kaniyang mga mata, na ano pa't hindi na
siya makakita, ay tinawag si Esau na kaniyang anak na
panganay, at sinabi sa kaniya, Anak ko: at kaniyang sinabi,
Narito ako. 2 At sinabi niya, Narito, ako'y matanda, at hindi
ko nalalaman ang kaarawan ng aking kamatayan. 3 Ngayon
nga'y kunin mo ipinamamanhik ko sa iyo, ang iyong almas,
ang iyong lalagyan ng pana, at ang iyong busog, at lumabas
ka sa parang, at ihuli mo ako ng usa; 4 At igawa mo ako ng
masarap na pagkain, na aking ibig, at dalhin mo rito sa akin,
upang ako'y kumain; upang ikaw ay basbasan ko bago ako
mamatay. 5 At pinakikinggan ni Rebeca nang nagsasalita
si Isaac kay Esau na kaniyang anak. At naparoon si Esau
sa parang upang manghuli ng usa, at upang madala. 6
At isinaysay ni Rebeca kay Jacob na kaniyang anak na
sinasabi, Narito, narinig ko ang iyong ama na nagsasalita
kay Esau na iyong kapatid, na sinasabi, 7 Dalhan mo ako ng
usa, at igawa mo ako ng pagkaing masarap, upang ako'y
kumain, at ikaw ay aking basbasan sa harap ng Panginoon,
bago ako mamatay, 8 Ngayon nga, anak ko, sundin mo ang
aking tinig, ayon sa iniutos ko sa iyo. 9 Pumaroon ka ngayon
sa kawan, at dalhin mo rito sa akin ang dalawang mabuting
anak ng kambing; at gagawin kong masarap na pagkain
sa iyong ama, ayon sa kaniyang ibig. 10 At dadalhin mo
sa iyong ama, upang kumain, ano pa't ikaw ay kaniyang
basbasan bago siya mamatay. 11 At sinabi ni Jacob kay
Rebeca na kaniyang ina, Narito, si Esau na aking kapatid
ay taong mabalahibo, at ako'y taong makinis. 12 Marahil
ay hihipuin ako ng aking ama, at aariin niya akong parang
nagdaraya sa kaniya; at ang aking mahihita ay sumpa at
hindi basbas. 13 At sinabi sa kaniya ng kaniyang ina, Sa
akin mapunta ang sumpa sa iyo, anak ko: sundin mo lamang
ang aking tinig, at yumaon ka, na dalhin mo sa akin. 14 At
siya'y yumaon at dinala sa kaniyang ina: at gumawa ang
kaniyang ina ng masarap na pagkain, na ibig ng kaniyang
ama. 15 At kinuha ni Rebeca ang mainam na damit ni Esau,
na kaniyang anak na panganay, na nasa kaniya sa bahay, at
isinuot kay Jacob na kaniyang bunsong anak: 16 At ang mga
balat ng mga anak ng kambing ay ibinalot sa kaniyang mga
kamay, at sa kinis ng kaniyang leeg. 17 At kaniyang ibinigay
ang pagkaing masarap, at ang tinapay na kaniyang inihanda,
sa kamay ni Jacob na kaniyang anak. 18 At siya'y lumapit sa
kaniyang ama, at nagsabi, Ama ko; at sinabi niya: Narito
ako; sino ka, anak ko? 19 At sinabi ni Jacob sa kaniyang
ama, Ako'y si Esau na iyong panganay; ginawa ko ang ayon
sa sinabi mo sa akin: bumangon ka, ipinamamanhik ko sa
iyo, maupo ka at kumain ka ng aking usa, upang basbasan
ako ng iyong kaluluwa. 20 At sinabi ni Isaac sa kaniyang
anak, Ano't kay dali mong nakasumpong, anak ko? At sinabi
niya, Sapagka't binigyan ako ng mabuting kapalaran ng
Panginoon mong Dios. 21 At sinabi ni Isaac kay Jacob,
Lumapit ka rito, ipinamamanhik ko sa iyo upang hipuin kita,
anak ko, kung tunay na ikaw ang aking anak na si Esau o
hindi. 22 At lumapit si Jacob kay Isaac na kaniyang ama:
at hinipo siya, at sinabi, Ang tinig ay tinig ni Jacob, nguni't
ang mga kamay ay mga kamay ni Esau. 23 At hindi siya
nakilala, sapagka't ang kaniyang kamay ay mabalahibo,
gaya ng mga kamay ni Esau na kaniyang kapatid: at sa
gayo'y binasbasan siya. 24 At sinabi niya, Ikaw bang tunay
ang aking anak na si Esau? At sinabi niya, Ako nga. 25
At kaniyang sinabi, Ilapit mo sa akin, at kakain ako ng usa
ng aking anak, upang basbasan ka ng aking kaluluwa. At
kaniyang inilapit sa kaniya at kumain siya: at siya'y dinalhan
niya ng alak, at uminom. 26 At sinabi sa kaniya ni Isaac na
kaniyang ama, Lumapit ka ngayon at humalik ka sa akin,

anak ko. 27 At siya'y lumapit at humalik siya sa kaniya:
at naamoy ng ama ang amoy ng kaniyang mga suot, at
siya'y binasbasan, na sinabi, Narito, ang amoy ng aking
anak Ay gaya ng amoy ng isang parang na pinagpala ng
Panginoon: 28 At bigyan ka ng Dios ng hamog ng langit, At
ng taba ng lupa, At ng saganang trigo at alak: 29 Ang mga
bayan ay mangaglingkod nawa sa iyo. At ang mga bansa
ay mangagsiyukod sa iyo: Maging panginoon ka nawa ng
iyong mga kapatid, At magsiyukod sa iyo ang mga anak
ng iyong ina: Sumpain nawa ang mga sumusumpa sa iyo.
At maging mapapalad ang mga magpapala sa iyo. 30 At
nangyari pagkatapos ng pagbabasbas ni Isaac kay Jacob,
at bahagya nang kaaalis ni Jacob sa harap ni Isaac na
kaniyang ama, ay dumating si Esau na kaniyang kapatid, na
galing sa kaniyang panghuhuli. 31 At siya ma'y gumawa
ng masarap na pagkain, at dinala niya sa kaniyang ama;
at sinabi niya sa kaniyang ama, Bumangon ang ama ko,
at kumain ng usa ng kaniyang anak, upang basbasan ako
ng iyong kaluluwa. 32 At sinabi ni Isaac na kaniyang ama
sa kaniya, Sino ka? At kaniyang sinabi, Ako ang iyong
anak, ang iyong panganay na si Esau. 33 At nangilabot na
mainam si Isaac, at sinabi, Sino nga yaong kumuha ng usa
at dinala sa akin, at ako'y kumain niyaon bago ka dumating,
at aking binasbasan siya? oo, at siya'y magiging mapalad!
34 Nang marinig ni Esau ang mga salita ng kaniyang ama ay
humiyaw ng malakas at ng di kawasang kapanglawan: at
sinabi sa kaniyang ama. Basbasan mo ako, ako naman, Oh
ama ko. 35 At kaniyang sinabi, Naparito ang iyong kapatid
sa pamamagitan ng daya, at kinuha ang basbas sa iyo. 36
At kaniyang sinabi, Hindi ba matuwid ang pagkatawag sa
kaniyang Jacob? sapagka't kaniyang inagawan ako nitong
makalawa: kaniyang kinuha ang aking pagkapanganay; at,
narito, ngayo'y kinuha ang basbas sa akin. At kaniyang
sinabi, Hindi mo ba ako ipinaglaan ng basbas. 37 At sumagot
si Isaac, at sinabi kay Esau. Narito, inilagay ko siyang
panginoon mo, at sa kaniya'y ibinigay kong lingkod ang
lahat niyang mga kapatid; at sa trigo at sa bagong alak, ay
kinandili ko siya; at sa iyo'y ano ngang magagawa ko ngayon
anak ko? 38 At sinabi ni Esau sa kaniyang ama, Wala ka
ba, kundi isa lamang basbas, ama ko? Basbasan mo ako,
ako naman, Oh ama ko. At humiyaw si Esau at umiyak. 39
At sumagot si Isaac na kaniyang ama, at sinabi sa kaniya,
Narito, magiging sadya sa taba ng lupa ang iyong tahanan,
At sa hamog ng langit mula sa itaas; 40 At sa iyong tabak ay
mabubuhay ka, at sa iyong kapatid ay maglilingkod ka; At
mangyayari na pagka nakalaya ka, Papagpagin mo sa iyong
leeg ang pamatok niya. 41 At kinapootan ni Esau si Jacob,
dahil sa basbas na ibinasbas sa kaniya ng kaniyang ama;
at sinasabi ni Esau sa sarili, Malapit na ang mga araw ng
pagluluksa sa aking ama; kung magkagayo'y papatayin ko si
Jacob na aking kapatid. 42 At ang mga salita ni Esau na
kaniyang panganay ay nangaibalita kay Rebeca; at kaniyang
pinasuguan at tinawag si Jacob, na kaniyang bunso at sa
kaniya'y sinabi, Narito, ang iyong kapatid na si Esau ay
naaaliw tungkol sa iyo, na inaakalang patayin ka. 43 Ngayon
nga, anak ko, sundin mo ang aking tinig; at bumangon ka,
at tumakas ka hanggang kay Laban na aking kapatid, sa
Haran; 44 At dumoon ka sa kaniyang ilang araw hanggang
sa mapawi ang galit ng iyong kapatid. 45 Hanggang ang
galit sa iyo, ng iyong kapatid ay mapawi at malimutan niya
ang ginawa mo sa kaniya: kung magkagayo'y pasusuguan
kita at ipasusundo kita mula roon: bakit kapuwa mawawala
kayo sa akin sa isang araw? 46 At sinabi ni Rebeca kay
Isaac, Ako'y yamot na sa aking buhay, dahil sa mga anak na
babae ni Heth: kung si Jacob ay magasawa sa mga anak ni
Heth na gaya ng mga ito, ng mga anak ng lupaing ito, ano
pang kabuluhan sa akin ng aking buhay?

**28** At tinawag ni Isaac si Jacob, at siya'y binasbasan,
at siya'y pinagbilinan, na sinabi sa kaniya, Huwag
kang magaasawa sa mga anak ng Canaan. 2 Tumindig
ka, pumaroon ka sa Padan-aram, sa bahay ni Bethuel, na
ama ng iyong ina, at magasawa ka roon sa mga anak ni
Laban, na kapatid na lalake ng iyong ina. 3 At ikaw ay
pagpalain nawa ng Dios na Makapangyarihan sa lahat,
at ikaw ay palaguin, at ikaw ay paramihin, upang ikaw ay
maging kapisanan ng mga bayan; 4 At ibigay nawa sa iyo
ang pagpapala kay Abraham, sa iyo, at sangpu sa iyong
binhi; upang iyong ariin ang lupaing iyong pinaglakbayan, na
ibinigay ng Dios kay Abraham. 5 At pinapagpaalam ni Isaac
si Jacob: at naparoon siya sa Padan-aram kay Laban, anak
ni Bethuel na taga Siria, na kapatid ni Rebeca, na ina ni
Jacob at ni Esau. 6 Nakita nga ni Esau na binasbasan ni
Isaac si Jacob, at siya'y pinaparoon sa Padan-aram, upang
doon magasawa; at nang siya'y basbasan ay ipinagbilin sa
kaniya, na sinasabi, Huwag kang magaasawa sa mga anak
ng Canaan. 7 At sumunod si Jacob sa kaniyang ama at
sa kaniyang ina, at naparoon sa Padan-aram; 8 At nakita
ni Esau na hindi nakalulugod ang mga anak ng Canaan
kay Isaac na kaniyang ama; 9 At naparoon si Esau kay
Ismael, at nagasawa kay Mahaleth, anak ni Ismael, na anak
ni Abraham, na kapatid na babae ni Nabaioth, bukod pa
sa mga asawang mayroon na siya. 10 At umalis si Jacob
sa Beerseba at napasa dakong Haran. 11 At dumating sa
isang dako, at nagparaan ng buong gabi roon, sapagka't
lumubog na ang araw; at kumuha ng isa sa mga bato sa
dakong yaon, at inilagay sa kaniyang ulunan, at nahiga sa
dakong yaon upang matulog. 12 At nanaginip, at narito, ang
isang hagdan, na ang puno ay nasa lupa, at ang dulo ay

umaabot sa langit; at narito, ang mga anghel ng Dios na
nagmamanhik manaog doon. 13 At, narito, ang Panginoon ay
nasa kataastaasan niyaon, at nagsabi, Ako ang Panginoon,
ang Dios ni Abraham na iyong ama, at ang Dios ni Isaac:
ang lupang kinahihigaan mo ay ibibigay ko sa iyo at sa
iyong binhi; 14 At ang iyong binhi ay magiging parang alabok
sa lupa, at kakalat ka sa kalunuran, at sa silanganan, at
sa hilagaan, at sa timugan at sa iyo at sa iyong binhi ay
pagpapalain ang lahat ng angkan sa lupa. 15 At, narito't
ako'y sumasa iyo, at iingatan kita saan ka man pumaroon,
at pababalikin kita sa lupaing ito sapagka't hindi kita iiwan
hanggang hindi ko magawa ang sinalita ko sa iyo. 16 At
nagising si Jacob sa kaniyang panaginip, at nagsabi, Tunay
na ang Panginoon ay nasa dakong ito, at hindi ko nalalaman.
17 At siya'y natakot, at kaniyang sinabi, Kakilakilabot na
dako ito! ito'y hindi iba kundi bahay ng Dios, at ito ang
pintuan ng langit. 18 At si Jacob ay bumangong maaga ng
kinaumagahan, at kinuha ang batong kaniyang inilagay sa
ulunan niya, at kaniyang itinayo na pinakaalaala, at kaniyang
binuhusan ng langis sa ibabaw. 19 At ang ipinangalan niya
sa dakong yaon ay Betel: datapuwa't ang pangalan ng bayan
nang una ay Luz. 20 At si Jacob ay nagpanata, na sinasabi,
Kung sasaakin ang Dios, at ako'y iingatan sa daang ito na
aking nilalakaran, at ako'y bibigyan ng tinapay na makakain,
at damit na maisusuot, 21 Na ano pa't ako'y makabalik na
payapa sa bahay ng aking ama, ay ang Panginoon nga ang
magiging aking Dios, 22 At ang batong ito na aking itinayo
na pinakaalaala ay magiging bahay ng Dios; at sa lahat ng
ibigay mo sa akin ay walang pagsalang ang ikasangpung
bahagi ay ibibigay ko sa iyo.

**29** Nang magkagayo'y nagpatuloy si Jacob ng kaniyang
paglalakbay, at napasa lupain ng mga anak ng
silanganan. 2 At siya'y tumingin, at nakakita ng isang
balon sa parang, at narito, may tatlong kawan ng mga tupa
na nagpapahinga sa tabi roon: sapagka't sa balong yaon
pinaiinom ang mga kawan: at ang batong nasa ibabaw ng
labi ng balon ay malaki. 3 At doon nagkakatipon ang lahat ng
kawan: at kanilang iginugulong ang batong nasa ibabaw ng
labi ng balon, at pinaiinom ang mga tupa, at muling inilalagay
ang bato sa ibabaw ng labi ng balon, sa dako niyaon. 4 At
sinabi sa kanila ni Jacob, Mga kapatid ko, taga saan kayo?
At kanilang sinabi, Taga Haran kami. 5 At sinabi niya sa
kanila, Nakikilala ba ninyo si Laban na anak ni Nachor? At
kanilang sinabi, Nakikilala namin siya. 6 At sinabi niya sa
kanila, Siya ba'y mabuti? At, kanilang sinabi, Siya'y mabuti:
at, narito, si Raquel na kaniyang anak ay dumarating na dala
ang mga tupa. 7 At sinabi niya, Narito, maaga pa, ni hindi
oras tipunin ang mga hayop: painumin ninyo ang mga tupa,
at inyo silang pasabsabin. 8 At kanilang sinabi, Hindi namin
magagawa hanggang sa magkatipon ang lahat ng kawan, at
igugulong ang bato mula sa labi ng balon; gayon nga aming
pinaiinom ang mga tupa. 9 Samantalang nakikipagusap pa
siya sa kanila, ay dumating si Raquel na dala ang mga tupa
ng kaniyang ama; sapagka't siya ang nagaalaga ng mga
iyon. 10 At nangyari, nang makita ni Jacob si Raquel na
anak ni Laban, na kapatid ng kaniyang ina, at ang mga tupa
ni Laban na kapatid ng kaniyang ina, na lumapit si Jacob at
iginulong ang bato mula sa labi ng balon, at pinainom ang
kawan ni Laban, na kapatid ng kaniyang ina. 11 At hinagkan
ni Jacob si Raquel; at humiyaw ng malakas at umiyak. 12
At kay Raquel ay sinaysay ni Jacob na siya'y kapatid ni
Laban, na kaniyang ama, at anak siya ni Rebeca: at siya'y
tumakbo at isinaysay sa kaniyang ama. 13 At nangyari,
nang marinig ni Laban ang mga balita tungkol kay Jacob, na
anak ng kaniyang kapatid, ay tumakbo siya na kaniyang
sinalubong, at kaniyang niyakap at kaniyang hinagkan, at
kaniyang dinala sa kaniyang bahay. At isinaysay ni Jacob
kay Laban ang lahat ng mga bagay na ito. 14 At sinabi
sa kaniya ni Laban, Tunay na ikaw ay aking buto at aking
laman. At dumoon sa kaniyang isang buwan. 15 At sinabi
ni Laban kay Jacob, Sapagka't ikaw ay aking kapatid ay
nararapat ka bang maglingkod sa akin ng walang bayad?
sabihin mo sa akin kung ano ang magiging kaupahan mo.
16 At may dalawang anak na babae si Laban: ang pangalan
ng panganay ay Lea, at ang pangalan ng bunso ay Raquel.
17 At ang mga mata ni Lea ay mapupungay; datapuwa't si
Raquel ay maganda at kahalihalina. 18 At sininta ni Jacob si
Raquel; at kaniyang sinabi, Paglilingkuran kitang pitong taon
dahil kay Raquel na iyong anak na bunso. 19 At sinabi ni
Laban, Magaling ang ibigay ko siya sa iyo, kay sa ibigay ko
sa iba: matira ka sa akin. 20 At naglingkod si Jacob dahil kay
Raquel, na pitong taon; at sa kaniya'y naging parang ilang
araw, dahil sa pagibig na taglay niya sa kaniya. 21 At sinabi
ni Jacob kay Laban, Ibigay mo sa akin ang aking asawa,
sapagka't naganap na ang aking mga araw upang ako'y
sumiping sa kaniya. 22 At pinisan ni Laban ang lahat ng tao
roon at siya'y gumawa ng isang piging. 23 At nangyari nang
kinagabihan, na kaniyang kinuha si Lea na kaniyang anak at
dinala niya kay Jacob, at siya'y sumiping sa kaniya. 24 At
sa kaniyang anak na kay Lea ay ibinigay na pinaka alilang
babae ang kaniyang alilang si Zilpa. 25 At nangyari, na sa
kinaumagahan, narito't si Lea: at kaniyang sinabi kay Laban:
Ano itong ginawa mo sa akin? Hindi ba kita pinaglingkuran
dahil kay Raquel? Bakit mo nga ako dinaya? 26 At sinabi ni
Laban, Hindi ginagawa ang ganyan dito sa aming dako, na
ibinibigay ang bunso, bago ang panganay. 27 Tapusin mo
ang kaniyang sanglingo, at ibibigay rin naman namin sa iyo
ang isa, dahil sa paglilingkod na gagawin mong pitong taon

pa, sa akin. **28** At gayon ang ginawa ni Jacob, at tinapos
niya ang sanglingo nito, at ibinigay ni Laban sa kaniya si
Raquel na kaniyang anak na maging asawa niya. **29** At sa
kaniyang anak na kay Raquel ay ibinigay ni Laban na pinaka
alilang babae ang kaniyang alilang si Bilha. **30** At sumiping
din naman si Jacob kay Raquel, at kaniya namang inibig
si Raquel ng higit kay Lea, at naglingkod siya kay Laban
na pitong taon pa. **31** At nakita ng Panginoon na si Lea
ay kinapopootan niya, at binuksan ang kaniyang bahay-
bata; datapuwa't si Raquel ay baog. **32** At naglihi si Lea, at
nanganak ng isang lalake, at tinawag niya ang kaniyang
pangalan na Ruben; sapagka't kaniyang sinabi, Sapagka't
nilingap ng Panginoon ang aking kapighatian; dahil sa
ngayo'y mamahalin ako ng aking asawa. **33** At naglihi uli, at
nanganak ng isang lalake; at nagsabi, Sapagka't narinig ng
Panginoon na ako'y kinapopootan ay ibinigay rin naman sa
akin ito: at pinanganlan niyang Simeon. **34** At naglihi uli at
nanganak ng isang lalake; at nagsabi, Ngayo'y masasama
na sa akin ang aking asawa, sapagka't nagkaanak ako sa
kaniya ng tatlong lalake: kaya't pinanganlan niyang Levi. **35**
At muling naglihi at nanganak ng isang lalake, at nagsabi,
Ngayo'y aking pupurihin ang Panginoon: kaya't pinanganlang
Juda; at hindi na nanganak.

**30** At nang makita ni Raquel, na hindi siya nagkakaanak
kay Jacob, ay nainggit si Raquel sa kaniyang kapatid;
at sinabi kay Jacob, Bigyan mo ako ng anak, o kung hindi
ay mamamatay ako! **2** At nagningas ang galit ni Jacob
laban kay Raquel; at nagsabi, Ako ba'y nasa kalagayan
ng Dios, na nagkait sa iyo ng bunga ng bahay-bata? **3** At
sinabi niya, Narito ang aking alilang si Bilha, sumiping ka sa
kaniya; upang manganak sa ibabaw ng aking mga tuhod, at
magkaroon din naman ako ng anak sa pamamagitan niya.
**4** At ibinigay niyang asawa si Bilha na kaniyang alila: at
sinipingan ni Jacob. **5** At naglihi si Bilha, at nagkaanak kay
Jacob, ng isang lalake. **6** At sinabi ni Raquel, Hinatulan ako
ng Dios, at dininig din naman ang aking tinig, at binigyan
ako ng anak: kaya't pinanganlang Dan. **7** At si Bilhang
alila ni Raquel ay naglihi uli at ipinanganak ang kaniyang
ikalawang anak kay Jacob. **8** At sinabi ni Raquel, Ako'y
nakipagbaka ng malaking pakikipagbaka sa aking kapatid,
at ako'y nanaig: at siya'y pinanganlang Nephtali. **9** Nang
makita ni Lea, na siya'y hindi na nanganganak, ay kinuha
si Zilpa na kaniyang alila at ibinigay na asawa kay Jacob.
**10** At si Zilpa na alila ni Lea ay nagkaanak ng isang lalake
kay Jacob. **11** At sinabi ni Lea, Kapalaran! at pinanganlang
Gad. **12** At ipinanganak ni Zilpa na alila ni Lea, ang kaniyang
ikalawang anak kay Jacob. **13** At sinabi ni Lea, Mapalad
ako! sapagka't tatawagin akong mapalad ng mga babae:
at tinawag niya ang kaniyang pangalan na Aser. **14** At
yumaon si Ruben nang panahon ng paggapas ng trigo, at
nakasumpong ng mga mandragoras sa bukid, at dinala sa
kaniyang inang kay Lea. Nang magkagayo'y sinabi ni Raquel
kay Lea, Ipinamamanhik ko sa iyo na bigyan mo ako ng mga
mandragoras ng iyong anak. **15** At kaniyang sinabi, Kakaunti
pa bang bagay na iyong kinuha ang aking asawa? at ibig
mo pa ring kunin ang mga mandragoras ng aking anak? At
sinabi ni Raquel, Kaya't sisiping siya sa iyo ngayong gabi,
dahil sa mga mandragoras ng iyong anak. **16** At si Jacob ay
umuwing galing sa bukid ng hapon, at sinalubong siya ni Lea,
at sa kaniya'y sinabi, Sa akin ka dapat sumiping; sapagka't
tunay na ikaw ay aking inupahan ng mga mandragoras ng
aking anak. At sumiping siya sa kaniya ng gabing yaon.
**17** At dininig ng Dios si Lea: at siya'y naglihi at kaniyang
ipinanganak kay Jacob ang kaniyang ikalimang anak. **18** At
sinabi ni Lea, Ibinigay sa akin ng Dios ang aking kaupahan,
sapagka't ibinigay ko ang aking alila sa aking asawa: at
kaniyang pinanganlang Issachar. **19** At naglihi uli si Lea, at
kaniyang ipinanganak ang kaniyang ikaanim na anak kay
Jacob. **20** At sinabi ni Lea, Binigyan ako ng Dios ng isang
mabuting kaloob; ngayo'y makikisama na sa akin ang aking
asawa, sapagka't nagkaanak ako sa kaniya ng anim na
lalake: at kaniyang pinanganlang Zabulon. **21** At pagkatapos
ay nanganak siya ng babae, at kaniyang pinanganlang
Dina. **22** At naalala ng Dios si Raquel, at dininig ng Dios, at
binuksan ang kaniyang bahay-bata. **23** At siya'y naglihi at
nanganak ng lalake; at kaniyang sinabi, Inalis ng Dios sa
akin ang kakutyaan ko: **24** At kaniyang tinawag ang pangalan
niya na Jose, na sinasabi, Dagdagan pa ako ng Panginoon
ng isang anak. **25** At nangyari, nang maipanganak ni Raquel
si Jose, na sinabi ni Jacob kay Laban, Papagpaalamin mo
ako upang ako'y makaparoon sa aking dakong tinubuan
at sa aking lupain. **26** Ibigay mo sa akin ang aking mga
asawa at ang aking mga anak, na siyang kadahilanan ng
ipinaglingkod ko sa iyo, at papagpaalamin mo ako: sapagka't
talastas mo ang paglilingkod na ipinaglingkod ko sa iyo.
**27** At sinabi sa kaniya ni Laban, Kung ako'y nakasumpong
ng biyaya sa harap ng iyong mga mata, matira ka: aking
napagkilala, na pinagpala ako ng Panginoon dahil sa iyo. **28**
At kaniyang sinabi, Sabihin mo sa akin ang iyong kaupahan,
at ibibigay ko sa iyo. **29** At sinabi niya sa kaniya, Nalalaman
mo kung paanong pinaglingkuran kita, at kung anong lagay
ng iyong mga hayop dahil sa akin. **30** Sapagka't kakaunti
ang tinatangkilik mo bago ako dumating, at naging isang
karamihan; at pinagpala ka ng Panginoon saan man ako
pumihit; at ngayo'y kailan naman ako maghahanda ng sa
aking sariling bahay? **31** At sa kaniya'y sinabi, Anong ibibigay
ko sa iyo? At sinabi ni Jacob, Huwag mo akong bigyan
ng anoman: kung ito'y iyong gawin sa akin, ay muli kong

papastulin at aalagaan ang iyong kawan. **32** Dadaanan ko
ang lahat mong kawan ngayon, na aking ihihiwalay doon
ang lahat ng batikbatik at may dungis, at ang lahat na
maitim sa mga tupa, at ang may dungis at batikbatik sa mga
kambing: at siyang magiging aking kaupahan. **33** Gayon
ako sasagutan ng aking katuwiran sa haharapin, pagparito
mo, tungkol sa aking kaupahan, na nasa harap mo; yaong
lahat na walang batik at walang dungis sa mga kambing,
at hindi maitim sa mga tupa, na masusumpungan sa akin,
ay maibibilang mong nakaw. **34** At sinabi ni Laban, Narito,
mangyari nawa ayon sa iyong sabi. **35** At inihiwalay ni Laban
ng araw ding yaon ang mga lalaking kambing na may batik at
may dungis, at ang lahat ng babaing kambing na may batik
at may dungis, lahat ng mayroong kaunting puti, at lahat ng
maitim sa mga tupa, at ibinigay sa mga kamay ng kaniyang
mga anak; **36** At siya'y naglakad ng tatlong araw ang pagitan
kay Jacob; at pinakain ni Jacob ang nalabi sa mga kawan ni
Laban. **37** At kumuha si Jacob ng mga sanga ng alamo,
at almendro at kastano; at pinagbabakbakan ng mga batik
na mapuputi, at kaniyang pinalitaw na gayon ang puti na
nasa mga sanga. **38** At kaniyang inilagay ang mga sangang
kaniyang binakbakan sa mga bangbang, sa harap ng kawan,
sa mga pinagpapainuman; na pinaparoonan ng mga kawan
upang uminom; at nangaglilihi pagka nagsisiparoon upang
uminom. **39** At nangaglilihi ang mga kawan sa harap ng
mga sanga at nanganganak ang mga kawan ng mga may
guhit, may batik at may dungis. **40** At ang mga korderong
ito ay inihihiwalay ni Jacob, at inihaharap ang kawan sa
dakong may batik, at ang lahat ng maitim sa kawan ni
Laban; sa kaniyang ibinukod ang mga kawan niya rin, at
hindi isinama sa kawan ni Laban. **41** At nangyari, na kailan
ma't maglilihi ang mga malakas sa kawan, ay inilalagay ni
Jacob ang mga sanga sa harap ng mga mata ng kawan sa
mga bangbang, upang sila'y papaglihihin sa gitna ng mga
sanga. **42** Datapuwa't pagka ang kawan ay mahina ay hindi
niya inilalagay, kaya't ang mahina ay nagiging kay Laban at
ang malakas ay kay Jacob. **43** At ang lalake ay lumagong
mainam; at nagkaroon ng malalaking kawan, at ng mga
aliping babae at lalake, at ng mga kamelyo at ng mga asno.

**31** At narinig ni Jacob ang mga salita ng mga anak ni
Laban, na nagsisipagsabi, Kinuha ni Jacob ang lahat
ng sa ating ama; at doon sa mga sa ating ama ay tinamo
niya ang buong karangalang ito. **2** At minasdan ni Jacob
ang mukha ni Laban, at narito't hindi sumasa kaniyang gaya
ng dati. **3** At sinabi ng Panginoon kay Jacob, Magbalik ka sa
lupain ng iyong mga magulang, at sa iyong kamaganakan;
at ako'y sasaiyo. **4** At si Jacob ay nagsugo at tinawag
si Raquel at si Lea sa bukid, sa kaniyang kawan, **5** At
sinabi sa kanila, Nakikita ko ang mukha ng inyong ama,
na hindi sumasaakin na gaya ng dati; datapuwa't ang Dios
ng aking ama ay sumaakin. **6** At nalalaman ninyo, na ang
aking buong lakas ay ipinaglingkod ko sa inyong ama. **7** At
dinaya ako ng inyong ama, at binagong makasangpu ang
aking kaupahan; datapuwa't hindi pinahintulutan siya ng
Dios, na gawan ako ng masama. **8** Kung kaniyang sinabing
ganito, Ang mga may batik ang magiging kaupahan mo;
kung magkagayo'y nanganganak ang lahat ng kawan ng
mga may batik: at kung kaniyang sinabing ganito, Ang mga
may guhit ang magiging kaupahan mo; kung magkagayo'y
ang lahat ng kawan ay manganganak ng mga may guhit. **9**
Ganito inalis ng Dios ang mga hayop ng inyong ama, at
ibinigay sa akin. **10** At nangyari, na sa panahong ang kawan
ay naglilihi, ay itiningin ko ang aking mga mata, at nakita
ko sa panaginip, at narito, ang mga kambing na lalake na
nakatakip sa kawan ay mga may guhit, may batik at may
dungis. **11** At sinabi sa akin ng anghel ng Dios, sa panaginip,
Jacob: at sinabi ko, Narito ako. **12** At kaniyang sinabi, Itingin
mo ngayon ang iyong mga mata, tingnan mo na ang lahat ng
kambing na natatakip sa kawan ay may guhit, may batik at
may dungis: sapagka't aking nakita ang lahat na ginagawa
sa iyo ni Laban. **13** Ako ang Dios ng Betel, na doon mo
pinahiran ng langis ang batong pinakaalaala, at doon ka
gumawa ng panata sa akin: ngayo'y tumindig ka, umalis ka
sa lupaing ito, at bumalik ka sa lupaing pinanganakan sa iyo.
**14** At nagsisagot si Raquel at si Lea, at sa kaniya'y sinabi,
Mayroon pa ba kaming natitirang bahagi o mana sa bahay
ng aming ama? **15** Hindi ba inaari niya kaming taga ibang
bayan? sapagka't ipinagbili niya kami at kaniyang lubos
nang kinain ang aming halaga. **16** Sapagka't ang buong
kayamanang inalis ng Dios sa aming ama, ay amin yaon
at sa aming mga anak: ngayon nga, gawin mo ang lahat
ng sinabi sa iyo ng Dios. **17** Nang magkagayo'y tumindig
si Jacob, at pinasakay sa mga kamello ang kaniyang mga
anak at ang kaniyang mga asawa; **18** At dinala ang kaniyang
lahat na hayop, at ang kaniyang buong pag-aaring tinipon,
ang hayop na kaniyang napakinabang, na kaniyang tinipon,
sa Padan-aram, upang pumaroon kay Isaac na kaniyang
ama, sa lupain ng Canaan. **19** Si Laban nga ay yumaon
upang gupitan ang kaniyang mga tupa: at ninakaw ni Raquel
ang mga larawang tinatangkilik ng kaniyang ama. **20** At
tumanan si Jacob na di nalalaman ni Laban na taga Siria,
sa di niya pagbibigay alam na siya'y tumakas. **21** Ganito
tumakas si Jacob sangpu ng buong kaniya; at bumangon
at tumawid sa ilog Eufrates, at siya'y tumungo sa bundok
ng Gilead. **22** At binalitaan si Laban sa ikatlong araw, na
tumakas si Jacob. **23** At ipinagsama niya ang kaniyang mga
kapatid, at hinabol niyang pitong araw; at kaniyang inabutan
sa bundok ng Gilead. **24** At naparoon ang Dios kay Laban

na taga Siria, sa panaginip sa gabi, at sa kaniya'y sinabi,
Ingatan mong huwag kang magsalita kay Jacob ng mabuti o
masama man, **25** At inabutan ni Laban si Jacob, At naitirik
na ni Jacob ang kaniyang tolda sa bundok; at si Laban
sangpu ng kaniyang mga kapatid ay nagtirik din sa bundok
ng Gilead. **26** At sinabi ni Laban kay Jacob, Anong ginawa
mo na tumanan ka ng di ko nalalaman, at dinala mo ang
aking mga anak na parang mangabihag sa tabak? **27** Bakit
ka tumakas ng lihim, at tumanan ka sa akin; at hindi mo
ipinaalam sa akin, upang ikaw ay napagpaalam kong may
sayahan at may awitan, may tambol at may alpa; **28** At hindi
mo man lamang ipinahintulot sa aking humalik sa aking mga
anak na lalake at babae? Ngayon nga'y gumawa ka ng
kamangmangan. **29** Nasa kapangyarihan ng aking kamay
ang gawan ko kayo ng masama: nguni't ang Dios ng inyong
ama ay kinausap ako kagabi, na sinasabi, Ingatan mong
huwag kang magsalita kay Jacob ng mabuti o masama
man. **30** At ngayon, bagaman iyong inibig yumaon, sapagka't
pinagmimithian mong datnin ang bahay ng iyong ama ay
bakit mo ninakaw ang aking mga dios? **31** At sumagot
si Jacob, at sinabi kay Laban, Sapagka't ako'y natakot:
sapagka't sinabi kong baka mo alising sapilitan sa akin ang
iyong mga anak. **32** Kaya kung kanino mo masumpungan
ang iyong mga dios, ay huwag mabuhay: sa harap ng ating
mga kapatid ay iyong kilalanin kung anong mayroon akong
iyo, at dalhin mo sa iyo. Sapagka't hindi nalalaman ni Jacob
na si Raquel ang nagnakaw. **33** At pumasok si Laban sa tolda
ni Jacob, at sa tolda ni Lea, at sa tolda ng dalawang alilang
babae, datapuwa't hindi niya nasumpungan; at lumabas sa
tolda ni Lea, at pumasok sa tolda ni Raquel. **34** Nakuha nga
ni Raquel ang mga larawan, at naisiksik sa mga daladalahan
ng kamello at kaniyang inupuan. At inapuhap ni Laban ang
buong palibot ng tolda, nguni't hindi niya nasumpungan.
**35** At sinabi niya sa kaniyang ama, Huwag magalit ang
aking panginoon na ako'y hindi makatindig sa harap mo;
sapagka't ako'y mayroon ng kaugalian ng mga babae. At
kaniyang hinanap, datapuwa't hindi masumpungan ang
mga larawan. **36** At naginit si Jacob at nakipagtalo kay
Laban, at sumagot si Jacob, at sinabi kay Laban, Ano ang
aking sinalangsang at ang aking kasalanan, upang ako'y
habulin mong may pagiinit? **37** Yamang inapuhap mo ang
lahat ng aking kasangkapan, anong nasumpungan mong
kasangkapan, ng iyong bahay? Ilagay mo rito sa harap ng
aking mga kapatid at ng iyong mga kapatid, upang hatulan
nila tayong dalawa. **38** Ako'y natira sa iyo nitong dalawang
pung taon: ang iyong mga babaing tupa, at ang iyong mga
babaing kambing ay hindi nawalan ng kanilang mga anak, at
ang mga tupang lalake ng iyong kawan ay hindi ko kinain. **39**
Ang nilapa ng mga ganid ay hindi ko dinala sa iyo; ako ang
nagbata ng kawalan; sa aking kamay mo hiningi, maging
nanakaw sa araw, o nanakaw sa gabi. **40** Ganito nakaraan
ako; sa araw ay pinupugnaw ako ng init, at ng lamig sa gabi;
at ang pagaantok ay tumatakas sa aking mga mata. **41**
Nitong dalawang pung taon ay natira ako sa iyong bahay;
pinaglingkuran kitang labing apat na taon dahil sa iyong
dalawang anak, at anim na taon dahil sa iyong kawan:
at binago mo ang aking kaupahan na makasangpu. **42**
Kung hindi sumaakin ang Dios ng aking ama, ang Dios ni
Abraham, at ang Katakutan ni Isaac, ay walang pagsalang
palalayasin mo ako ngayong walang dala. Nakita ng Dios
ang aking kapighatian, ang kapaguran ng aking mga kamay,
at sinaway ka niya kagabi. **43** At sumagot si Laban at sinabi
kay Jacob, Ang mga anak na babaing ito, ay aking mga
anak at itong mga anak ay mga anak ko, at ang mga kawan
ay mga kawan ko, at ang lahat ng iyong nakikita ay akin: at
anong magagawa ko ngayon sa mga anak kong babae, o
sa kanilang mga anak na ipinanganak nila? **44** At ngayo'y
halika, gumawa tayo ng isang tipan, ako't ikaw na maging
patotoo sa akin at sa iyo. **45** At kumuha si Jacob ng isang
bato, at itinindig na pinakaalaala. **46** At sinabi ni Jacob
sa kaniyang mga kapatid, Manguha kayo ng mga bato;
at kumuha sila ng mga bato at kanilang ginawang isang
bunton: at sila'y nagkainan doon sa malapit sa bunton. **47**
At pinanganlan ni Laban na Jegarsahadutha, datapuwa't
pinanganlan ni Jacob na Galaad. **48** At sinabi ni Laban, Ang
buntong ito ay saksi sa akin at sa iyo ngayon. Kaya't ang
pangalan niya'y tinawag na Galaad; **49** At Mizpa sapagka't
kaniyang sinabi, Bantayan ng Panginoon ako at ikaw, pag
nagkakahiwalay tayo. **50** Kung pahirapan mo ang aking mga
anak, o kung magasawa ka sa iba bukod sa aking mga anak,
ay wala tayong ibang kasama; tingnan mo, ang Dios ay saksi
sa akin at sa iyo. **51** At sinabi ni Laban kay Jacob, Narito,
ang buntong ito at ang batong pinakaalaalang ito, na aking
inilagay sa gitna natin. **52** Maging saksi ang buntong ito, at
saksi ang batong ito, na hindi ko lalagpasan ang buntong ito
sa dako mo, at hindi mo lalagpasan ang buntong ito at ang
batong pinakaalaalang ito sa pagpapahamak sa amin. **53**
Ang Dios ni Abraham at ang Dios ni Nachor, ang Dios ng
ama nila ay siyang humatol sa atin. At si Jacob ay sumumpa
ng ayon sa Katakutan ng kaniyang amang si Isaac. **54** At
naghandog si Jacob ng hain sa bundok, at tinawag ang
kaniyang mga kapatid upang magsikain ng tinapay: at sila'y
nagsikain ng tinapay, at sila'y nagparaan ng buong gabi
sa bundok. **55** At bumangong maaga sa kinaumagahan si
Laban, at hinagkan ang kaniyang mga anak na lalake at
babae, at pinagbabasbasan: at yumaon at umuwi si Laban.

**32** At ipinagpatuloy ni Jacob ang kaniyang paglakad, at
sinalubong siya ng mga anghel ng Dios. **2** At sinabi

ni Jacob nang makita niya sila, Ito'y hukbo ng Dios: at
tinawag niya ang pangalan ng dakong yaon na Mahanaim. 3
At si Jacob ay nagpasugo sa unahan niya kay Esau, na
kaniyang kapatid sa lupain ng Seir, na parang ng Edom.
4 At inutusan niya sila, na sinasabi, Ganito ninyo sabihin
sa aking panginoong kay Esau, Ganito ang sabi ng iyong
lingkod na si Jacob, Dumoon ako kay Laban at ako'y natira
roon hanggang ngayon. 5 At mayroon akong mga baka, at
mga asno, at mga kawan, at mga aliping lalake at babae: at
ako'y nagpasugo upang magbigay alam sa aking panginoon,
upang makasumpong ng biyaya sa iyong paningin. 6 At ang
mga sugo ay nagsipagbalik kay Jacob, na nagsipagsabi,
Dumating kami sa iyong kapatid na kay Esau, at siya rin
naman ay sumasalubong sa iyo, at apat na raang tao ang
kasama niya. 7 Nang magkagayo'y natakot na mainam si
Jacob at nahapis at kaniyang binahagi ang bayang kasama
niya, at ang mga kawan, at ang mga bakahan, at ang mga
kamelyo ng dalawang pulutong. 8 At kaniyang sinabi, Kung
dumating si Esau sa isang pulutong, at kaniyang saktan, ang
pulutong ngang natitira ay tatanan. 9 At sinabi ni Jacob, Oh
Dios ng aking amang si Abraham, at Dios ng aking amang si
Isaac, Oh Panginoon, na nagsabi sa akin, Magbalik ka sa
iyong lupain at sa iyong kamaganakan, at gagawan kita ng
magaling: 10 Hindi ako marapat sa kababababaan ng lahat
ng kaawaan, at ng buong katotohanan na iyong ipinakita
sa iyong lingkod: sapagka't dala ko ang aking tungkod, na
dinaanan ko ang Jordang ito; at ngayo'y naging dalawang
pulutong ako. 11 Iligtas mo ako, ipinamamanhik ko sa iyo, sa
kamay ng aking kapatid, sa kamay ni Esau; sapagka't ako'y
natatakot sa kaniya, baka siya'y dumating at ako'y saktan
niya, ang ina pati ng mga anak. 12 At ikaw ang nagsabi,
Tunay na ikaw ay gagawan ko ng magaling, at gagawin
ko ang iyong binhi na parang buhangin sa dagat, na hindi
mabibilang dahil sa karamihan. 13 At siya'y nagparaan doon
ng gabing yaon; at kumuha ng mayroon siya na ipagkakaloob
kay Esau na kaniyang kapatid; 14 Dalawang daang kambing
na babae, at dalawang pung lalaking kambing; dalawang
daang tupang babae, at dalawang pung tupang lalake, 15
Tatlong pung kamelyong inahin na pati ng kanilang mga
anak; apat na pung baka at sangpung toro, dalawang pung
asna at sangpung anak ng mga yaon. 16 At ipinagbibigay sa
kamay ng kaniyang mga bataan, bawa't kawan ay bukod;
at sinabi sa kaniyang mga bataan, Lumagpas kayo sa
unahan ko, at iiwanan ninyo ng isang pagitan ang bawa't
kawan. 17 At iniutos sa una, na sinasabi, Pagka ikaw ay
nasumpungan ni Esau na aking kapatid, at ikaw ay tinanong
na sinasabi, Kanino ka? at saan ka paroroon? at kanino
itong nangasa unahan mo. 18 Kung magkagayo'y sasabihin
mo, Sa iyong lingkod na kay Jacob; isang kaloob nga, na
padala sa aking panginoong kay Esau: at, narito, siya'y nasa
hulihan din naman namin. 19 At iniutos din sa ikalawa, at
sa ikatlo, at sa lahat ng sumusunod sa mga kawan, na
sinasabi, Sa ganitong paraan sasalitain ninyo kay Esau,
pagkasumpong ninyo sa kaniya; 20 At sasabihin ninyo, Saka,
narito, ang iyong lingkod na si Jacob, ay nasa hulihan namin,
sapagka't kaniyang sinabi, Paglulubagin ko ang kaniyang
galit sa pamamagitan ng kaloob na sumasaunahan ko, at
pagkatapos ay makikita ko ang kaniyang mukha; marahil
ay tatanggapin niya ako. 21 Gayon isinaunahan niya ang
mga kaloob; at siya'y natira ng gabing yaon sa pulutong.
22 At siya'y bumangon ng gabing yaon, at isinama niya
ang kaniyang dalawang asawa, at ang kaniyang dalawang
alilang babae, at ang kaniyang labing isang anak at tumawid
sa tawiran ng Jaboc. 23 At sila'y kaniyang isinama at itinawid
sa batis, at kaniyang itinawid ang kaniyang tinatangkilik.
24 At naiwang magisa si Jacob: at nakipagbuno ang isang
lalake sa kaniya, hanggang sa magbukang liwayway. 25 At
nang makita nitong siya'y hindi manaig sa kaniya ay hinipo
ang kasukasuan ng hita niya; at ang kasukasuan ni Jacob
ay sinaktan samantalang nakikipagbuno sa kaniya. 26 At
sinabi, Bitawan mo ako, sapagka't nagbubukang liwayway
na. At kaniyang sinabi, Hindi kita bibitawan hanggang hindi
mo ako mabasbasan. 27 At sinabi niya sa kaniya, Ano ang
pangalan mo? At kaniyang sinabi, Jacob. 28 At sinabi niya,
Hindi na tatawaging Jacob ang iyong pangalan, kundi Israel;
sapagka't ikaw ay nakipagpunyagi sa Dios at sa mga tao, at
ikaw ay nanaig. 29 At siya'y tinanong ni Jacob, at sinabi,
Ipinamamanhik ko sa iyong sabihin mo sa akin ang iyong
pangalan. At kaniyang sinabi, Bakit nagtatanong ka ng aking
pangalan? At siya'y binasbasan doon. 30 At tinawag ni Jacob
ang pangalan ng dakong yaon na Peniel; sapagka't aniya'y
nakita ko ang Dios ng mukhaan, at naligtas ang aking buhay.
31 At sinikatan siya ng araw ng siya'y nagdadaan sa Penuel;
at siya'y napipilay sa hita niya. 32 Kaya't hindi kumakain ang
mga anak ni Israel ng litid ng balakang na nasa kasukasuan
ng hita, hanggang ngayon: sapagka't hinipo ng taong yaon
ang kasukasuan ng hita ni Jacob, sa litid ng pigi.

**33** At itiningin ni Jacob ang kaniyang mga mata at
tumingin, at, narito, si Esau ay dumarating, at kasama
niya'y apat na raang tao. At kaniyang binahagi ang mga bata
kay Lea at kay Raquel, at sa dalawang alilang babae. 2
At inilagay niya ang mga alila na kasama ng kanilang mga
anak na pinakapanguna, at si Lea na kasama ng kaniyang
mga anak na pinakapangalawa, at si Raquel at si Jose
na pinakahuli. 3 At siya naman ay lumagpas sa unahan
nila, at yumukod sa lupa na makapito, hanggang sa nalapit
sa kaniyang kapatid. 4 At tumakbo si Esau na sinalubong
siya, at niyakap siya at niyapos siya sa leeg, at hinagkan

siya: at nagiyakan, 5 At itiningin ni Esau ang mga mata
niya, at nakita ang mga babae at ang mga bata, at sinabi,
Sinosino itong mga kasama mo? At kaniyang sinabi, Ang
mga anak na ipinagkaloob ng Dios sa iyong lingkod. 6 Nang
magkagayo'y nagsilapit ang mga alilang babae, sila at ang
kanilang mga anak, at nagsiyukod. 7 At lumapit din si Lea at
ang kaniyang mga anak, at nagsiyukod: at pagkatapos ay
nagsilapit si Jose at si Raquel, at nagsiyukod. 8 At kaniyang
sinabi, Anong palagay mo sa buong karamihang ito na
nasumpungan ko? At kaniyang sinabi, Nang makasundo
ng biyaya sa paningin ng aking panginoon. 9 At sinabi ni
Esau, Mayroon akong kasiya; kapatid ko, ariin mo ang iyo.
10 At sinabi sa kaniya ni Jacob, Hindi, ipinamamanhik ko sa
iyo, na kung ngayo'y nakasundo ako ng biyaya sa iyong
paningin, ay tanggapin mo nga ang aking kaloob sa aking
kamay: yamang nakita ko ang iyong mukha, na gaya ng
nakakakita ng mukha ng Dios, at ikaw ay nalugod sa akin. 11
Tanggapin mo, ipinamamanhik ko sa iyo, ang kaloob na dala
sa iyo; sapagka't ipinagkaloob sa akin ng Dios, at mayroon
ako ng lahat. At ipinilit sa kaniya, at kaniyang tinanggap. 12
At kaniyang sinabi, Yumaon tayo at tayo'y lumakad, at ako'y
mangunguna sa iyo. 13 At sinabi niya sa kaniya, Nalalaman
ng aking panginoon na ang mga bata ay mahihina pa at
ang mga kawan at ang mga baka ay nagpapasuso: at kung
ipagmadali sa isa lamang araw ay mamamatay ang lahat ng
kawan. 14 Magpauna ang aking panginoon sa kaniyang
lingkod: at ako'y mamamatnubay na dahandahan, ayon
sa hakbang ng mga hayop na nasa aking unahan, at ng
hakbang ng mga bata, hanggang sa makarating ako sa
aking panginoon sa Seir. 15 At sinabi ni Esau, Pahintulutan
mong iwan ko sa iyo ang ilan sa mga taong kasama ko. At
kaniyang sinabi, Ano pang dahil nito? Makasundo nawa
ako ng biyaya sa paningin ng aking panginoon. 16 Gayon
nagbalik si Esau ng araw ding yaon sa kaniyang lakad sa
Seir. 17 At si Jacob ay naglakbay sa Succoth, at nagtayo
ng isang bahay para sa kaniya, at iginawa niya ng mga
balag ang kaniyang hayop: kaya't tinawag ang pangalan ng
dakong yaon na Succoth. 18 At dumating si Jacob na payapa
sa bayan ng Sichem, na nasa lupain ng Canaan, nang siya'y
manggaling sa Padan-aram; at siya'y humantong sa tapat
ng bayan. 19 At binili ang pitak ng lupa na pinagtayuan
ng kaniyang tolda, sa kamay ng mga anak ni Hamor, na
ama ni Sichem, ng isang daang putol na salapi. 20 At siya'y
nagtindig doon ng isang dambana, at tinawag niyang El-
Elohe-Israel.

34 At lumabas si Dina na anak ni Lea, na ipinanganak
nito kay Jacob, upang tingnan ang mga anak na babae
ng lupaing yaon. 2 At siya'y nakita ni Sichem, anak ni
Hamor, na Heveo, na prinsipe sa lupain; at siya'y kinuha at
sumiping sa kaniya, at siya'y pinangayupapa. 3 At inilakip
niya ang kaniyang kaluluwa kay Dina, na anak ni Jacob at
kaniyang sininta ang dalaga, at nakiusap ng kalugodlugod sa
dalaga. 4 At si Sichem ay nagsalita sa kaniyang amang kay
Hamor, na sinabi, Ipakamit mo sa akin ang dalagang ito na
maging asawa ko. 5 Nabalitaan nga ni Jacob na dinahas ang
kaniyang anak na si Dina; at ang kaniyang mga anak ay nasa
kasamahan ng mga hayop niya sa parang: at tumahimik si
Jacob hanggang sa sila'y dumating. 6 At nilabas ni Hamor
na ama ni Sichem si Jacob upang makiusap sa kaniya. 7 At
ang mga anak ni Jacob ay nagsiuwi mula sa parang nang
kanilang mabalitaan: at nangagdamdam ang mga lalake, at
nagningas ang kanilang galit, sapagka't gumawa ng kaululan
sa Israel, na sinipingan ang anak ni Jacob; bagay na di
nararapat gawin. 8 At nakiusap si Hamor sa kanila, na
sinasabi, Ang kaluluwa ni Sichem na aking anak ay sumasa
iyong anak; ipinamamanhik ko sa inyo na ipagkaloob ninyo
sa kaniya na maging asawa niya. 9 At magsipagasawa kayo
sa amin; ibigay ninyo sa amin ang inyong mga anak na
babae, at ibibigay namin sa inyo ang aming mga anak na
babae. 10 At tatahan kayong kasama namin; at ang lupain ay
sasa harap ninyo; tumahan kayo at mangalakal kayo riyan
at magkaroon kayo ng mga pag-aari riyan. 11 At sinabi ni
Sichem sa ama ni Dina, at sa mga kapatid niya, Makasundo
nawa ako ng biyaya sa inyong mga mata at ang sabihin
ninyo sa akin ay aking ibibigay. 12 Hingin ninyo sa akin ang
walang bilang na bigay-kaya at kaloob, at aking ibibigay
ayon sa sabihin ninyo sa akin; ipagkaloob lamang ninyo sa
akin ang dalaga na maging asawa ko. 13 At nagsisagot na
may pagdaraya ang mga anak ni Jacob kay Sichem at kay
Hamor na kaniyang ama, at sila'y nagsalitaan, sapagka't
kaniyang dinahas si Dina na kanilang kapatid. 14 At sinabi
niya sa kanila, Hindi namin magagawa ito, na ibigay ang
aming kapatid sa isang hindi tuli; sapagka't isang kasiraan
ng puri namin. 15 Sa ganitong paraan lamang papayag kami
sa inyo: kung kayo'y magiging gaya namin, na mangatuli
ang lahat ng lalake sa inyo; 16 Ay ibibigay nga namin sa
inyo ang aming mga anak na babae, at makikisama kami
sa inyong mga anak na babae, at tatahan kami sa inyo,
at tayo'y magiging isa lamang bayan. 17 Datapuwa't kung
ayaw ninyo kaming pakinggan, na kayo'y mangatuli; ay
dadalhin nga namin ang aming anak na babae at kami ay
yayaon. 18 At ang kanilang mga salita ay kinalugdan ni
Hamor at ni Sichem, na anak ni Hamor. 19 At hindi iniliban
ng binata ang paggawa niyaon, sapagka't nalugod siya sa
anak na babae ni Jacob: at siya ang pinarangalang higit sa
buong sangbahayan ng kaniyang ama. 20 At si Hamor at si
Sichem na kaniyang anak ay napasa pintuang-bayan ng
kanilang bayan, at sila'y nakiusap sa mga tao sa kanilang

bayan, na sinasabi. **21** Ang mga taong ito ay tahimik sa
atin; kaya't magsitahan sila sa lupain at magsipangalakal
sila riyan; sapagka't narito, ang lupain, ay may malabis na
kaluwangan sa kanila; tayo'y makisama sa kanilang mga
anak na babae, at ating ibigay sa kanila ang ating mga
anak. **22** Sa ganito lamang paraan papayagan tayo ng mga
taong iyan, sa pagtahan sa atin, na maging isa lamang
bayan, kung patuli ang lahat ng lalake sa atin, na gaya
naman nila na mga tuli. **23** Di ba magiging atin ang kanilang
mga baka at ang kanilang mga pag-aari at ang lahat nilang
hayop? Atin lamang silang payagan, at tatahan sa atin. **24**
At pinakinggan si Hamor at si Sichem na kaniyang anak,
ng lahat na lumalabas sa pintuan ng kaniyang bayan; at
ang lahat ng lalake ay nagtuli, ang lahat ng lumalabas sa
pintuan ng kaniyang bayan. **25** At nangyari, nang ikatlong
araw, nang sila'y nangasasaktan, na ang dalawa sa mga
anak ni Jacob, si Simeon at si Levi, na mga kapatid ni Dina,
na kumuha ang bawa't isa ng kaniyang tabak, at sila'y lihim
na pumasok sa bayan, at kanilang pinatay ang lahat ng mga
lalake. **26** At kanilang pinatay si Hamor at si Sichem na
kaniyang anak, sa talim ng tabak, at kanilang kinuha si Dina
sa bahay ni Sichem, at sila'y nagsialis. **27** Nagsiparoon ang
mga anak ni Jacob sa mga patay, at kanilang sinamsaman
ang bayan, sapagka't kanilang dinahas ang kapatid nila. **28**
Kinuha nila ang kanilang mga kawan at ang kanilang mga
bakahan, at ang kanilang mga asno, at ang nasa bayan,
at ang nasa parang; **29** At ang kanilang buong yaman, at
ang lahat ng kanilang mga anak, at mga asawa, ay dinala
nilang bihag at samsam, sa makatuwid baga'y lahat na nasa
bahay. **30** At sinabi ni Jacob kay Simeon at kay Levi, Ako'y
inyong binagabag, na pinapaging mapagtanim ninyo ako
sa mga tumatahan sa lupain, sa mga Cananeo, at sa mga
Pherezeo; at akong may kaunting tao, ay magpipisan sila
laban sa akin, at ako'y sasaktan nila; at lilipulin ako at ang
aking sangbahayan. **31** At kanilang sinabi, Aariin ba niya
ang aming kapatid na parang isang patutot?

**35** At sinabi ng Dios kay Jacob, Tumindig ka, umahon
ka sa Bethel, at tumahan ka roon; at gumawa ka
roon ng isang dambana sa Dios na napakita sa iyo nang
ikaw ay tumatakas mula sa harap ng iyong kapatid na si
Esau. **2** Nang magkagayo'y sinabi ni Jacob sa kaniyang
sangbahayan, at sa lahat niyang kasama. Ihiwalay ninyo ang
mga dios ng iba na nangasa inyo, at magpakalinis kayo, at
magbago kayo ng inyong mga suot: **3** At tayo'y magsitindig
at magsisampa tayo sa Bethel; at gagawa ako roon ng
dambana sa Dios na sumagot sa akin sa araw ng aking
kahapisan, at sumaakin sa daan na aking nilakaran. **4** At
kanilang ibinigay kay Jacob ang lahat ng ibang pinaka dios
na nasa kamay nila, at ang mga hikaw na nasa kanilang
mga tainga; at itinago ni Jacob sa ilalim ng punong encina
na malapit sa Sichem. **5** At sila'y naglakbay; at ang isang
malaking sindak mula sa Dios ay sumabayan na nasa mga
palibot nila, at hindi nila hinabol ang mga anak ni Jacob.
**6** Sa gayo'y naparoon si Jacob sa Luz, na nasa lupain
ng Canaan (na siyang Bethel), siya at ang buong bayang
kasama niya. **7** At siya'y nagtayo roon ng isang dambana at
tinawag niya ang dakong yaon na El-beth-el; sapagka't ang
Dios ay napakita sa kaniya roon, nang siya'y tumatakas sa
harap ng kaniyang kapatid. **8** At namatay si Debora na yaya
ni Rebeca, at nalibing sa paanan ng Bethel, sa ilalim ng
encina, na ang pangalan ay tinawag na Allon-bacuth. **9** At
ang Dios ay napakita uli kay Jacob, nang siya'y manggaling
sa Padan-aram, at siya'y pinagpala. **10** At sinabi sa kaniya
ng Dios, Ang pangalan mo'y Jacob; ang pangalan mo'y hindi
na tatawagin pang Jacob kundi Israel ang itatawag sa iyo:
at tinawag ang kaniyang pangalan na Israel. **11** At sinabi
sa kaniya ng Dios, Ako ang Dios na Makapangyarihan sa
lahat; ikaw ay lumago at dumami ka; isang bansa at isang
kapisanan ng mga bansa ang magmumula sa iyo, at mga
hari ay lalabas sa iyong balakang; **12** At ang lupaing ibinigay
ko kay Abraham at kay Isaac, ay ibibigay ko sa iyo, at sa
iyong lahi pagkamatay mo ay ibibigay ko ang lupain. **13**
At ang Dios ay napailanglang mula sa tabi niya sa dakong
pinakipagusapan sa kaniya. **14** At si Jacob ay nagtayo ng
isang batong pinakaalaala sa dakong pinakipagusapan sa
kaniya ng Dios, haliging bato: at binuhusan niya ng isang
inuming handog at binuhusan niya ng langis. **15** At tinawag ni
Jacob na Bethel ang dakong pinakipagusapan sa kaniya ng
Dios. **16** At sila'y naglakbay mula sa Bethel; at may kalayuan
pa upang dumating sa Ephrata: at nagdamdam si Raquel, at
siya'y naghihirap sa panganganak. **17** At nangyari, nang
siya'y naghihirap sa panganganak, na sinabi sa kaniya ng
hilot, Huwag kang matakot, sapagka't magkakaroon ka ng
isa pang anak na lalake. **18** At nangyari, nang nalalagot ang
kaniyang hininga (sapagka't namatay siya), ay kaniyang
pinanganlang Benoni: datapuwa't pinanganlan ng kaniyang
ama na Benjamin. **19** At namatay si Raquel at inilibing sa
daang patungo sa Ephrata (na siyang Bethlehem). **20** At
nagtayo si Jacob ng isang batong pinakaalaala sa ibabaw ng
kaniyang libingan: na siyang batong pinakaalaala ng libingan
ni Raquel hanggang ngayon. **21** At naglakbay si Israel at
iniladlad ang kaniyang tolda sa dako pa roon ng moog ng
Eder. **22** At nangyari, samantalang tumatahan si Israel sa
lupaing yaon, na si Ruben ay yumaon at sumiping kay Bilha,
na babae ng kaniyang ama; at ito'y nabalitaan ni Israel.
Labing dalawa nga ang anak na lalake ni Jacob. **23** Ang
mga anak ni Lea, ay: si Ruben, na panganay ni Jacob, at si
Simeon, at si Levi, at si Juda at si Issachar, at si Zabulon. **24**

Ang mga anak ni Raquel, ay: si Jose at si Benjamin: 25 At
ang mga anak ni Bilha, na alila ni Raquel, ay: si Dan at si
Nephtali: 26 At ang mga anak ni Zilpa na alilang babae ni
Lea, ay: si Gad at si Aser: ito ang mga anak ni Jacob na
ipinanganak sa kaniya sa Padan-aram. 27 At naparoon si
Jacob kay Isaac na kaniyang ama, sa Mamre, sa Kiriat-
arba (na siyang Hebron), na doon tumahan si Abraham at si
Isaac. 28 At ang mga naging araw ni Isaac ay isang daan at
walong pung taon. 29 At nalagot ang hininga ni Isaac at
namatay, at siya'y nalakip sa kaniyang bayan, matanda at
puspos ng mga araw: at inilibing siya ng kaniyang mga anak
na si Esau at si Jacob.

**36** Ito nga ang mga lahi ni Esau (na siyang Edom). 2 Si
Esau ay nagasawa sa mga anak ng Canaan; kay Ada
na anak ni Elon na Hethoh, at kay Aholibama, anak ni Ana
na anak ni Zibeon na Heveo. 3 At kay Basemath na anak ni
Ismael, na kapatid ni Nabaiot. 4 At ipinanganak si Eliphaz
ni Ada kay Esau; at ipinanganak ni Basemath si Reuel;
5 At ipinanganak ni Aholibama si Jeus, at si Jaalam at si
Cora; ito ang mga anak ni Esau, na ipinanganak sa kaniya
sa lupain ng Canaan. 6 At dinala ni Esau ang kaniyang
mga asawa, at ang kaniyang mga anak na lalake at babae,
at ang lahat ng tao sa kaniyang bahay, at ang kaniyang
hayop, at ang lahat ng kaniyang kawan, at ang lahat niyang
tinatangkilik na kaniyang tinipon sa lupain ng Canaan; at
napasa ibang lupaing bukod kay Jacob na kaniyang kapatid.
7 Sapagka't ang kanilang pag-aari ay totoong napakalaki
para sa kanila na tumahang magkasama at ang lupain na
kanilang pinaglakbayan ay hindi makaya sila, sapagka't
napakarami ang kanilang hayop. 8 At tumahan si Esau
sa bundok ng Seir: si Esau ay siyang Edom. 9 At ito ang
mga lahi ni Esau, na ama ng mga Edomita sa bundok ng
Seir: 10 Ito ang mga pangalan ng mga anak ni Esau: si
Eliphas, na anak ni Ada na asawa ni Esau, si Reuel na
anak ni Basemath, na asawa ni Esau. 11 At ang mga anak
ni Eliphaz, ay si Teman, si Omar, si Zepho, si Gatham at
si Cenaz. 12 At si Timna ay babae ni Eliphaz na anak ni
Esau; at ipinanganak niya kay Eliphaz si Amalec; ito ang
mga anak ni Ada na asawa ni Esau. 13 At ito ang mga anak
ni Reuel; si Nahat, si Zera, si Samma at si Mizza: ito ang
mga anak ni Basemath na asawa ni Esau. 14 At ito ang
mga anak ni Aholibama, na anak ni Ana, na anak ni Zibeon,
na asawa ni Esau: at ipinanganak niya kay Esau: si Jeus
at si Jaalam at si Cora. 15 Ito ang mga pangulo sa mga
anak ni Esau: ang mga anak ni Eliphaz, na panganay ni
Esau; ang pangulong Teman, ang pangulong Omar, ang
pangulong Zepho, ang pangulong Cenaz, 16 Ang pangulong
Cora, ang pangulong Gatam, ang pangulong Amalec: ito ang
mga pangulong nagmula kay Eliphaz sa lupain ng Edom; ito
ang mga anak ni Ada. 17 At ito ang mga anak ni Reuel na
anak ni Esau; ang pangulong Nahath, ang pangulong Zera,
ang pangulong Samma ang pangulong Mizza: ito ang mga
pangulong nagmula kay Reuel sa lupain ng Edom; ito ang
mga anak ni Basemath, na asawa ni Esau. 18 At ito ang
mga anak ni Aholibama na asawa ni Esau; ang pangulong
Jeus, ang pangulong Jaalam, ang pangulong Cora: ito ang
mga pangulong nagmula kay Aholibama na anak ni Ana, na
asawa ni Esau. 19 Ito ang mga anak ni Esau, at ito ang
kanilang mga pangulo: na siyang Edom. 20 Ito ang mga
anak ni Seir na Horeo, na nagsisitahan sa lupain; si Lotan at
si Sobal, at si Zibeon, at si Ana, 21 At si Dison, at si Ezer, at
si Disan: ito ang mga pangulong nagmula sa mga Horeo, na
mga angkan ni Seir sa lupain ng Edom. 22 At ang mga anak
ni Lotan, ay si Hori at si Heman; at ang kapatid na babae
ni Lotan ay si Timna. 23 At ito ang mga anak ni Sobal; si
Alvan, at si Manahath, at si Ebal, si Zepho, at si Onam. 24
At ito ang mga anak ni Zibeon; si Aja at si Ana: ito rin ang si
Ana na nakasumpong ng maiinit na bukal sa ilang, nang
pinapanginginain ang mga asno ni Zibeon na kaniyang ama.
25 At ito ang mga anak ni Ana; si Dison at si Aholibama, na
anak na babae ni Ana. 26 At ito ang mga anak ni Dizon: si
Hemdan, at si Eshban, at si Ithram, at si Cheran. 27 Ito ang
mga anak ni Ezer: si Bilhan, at si Zaavan at si Acan. 28
Ito ang mga anak ni Disan: si Huz at si Aran. 29 Ito ang
mga pangulong nagmula sa mga Horeo; ang pangulong
Lotan, ang pangulong Sobal, ang pangulong Zibeon, ang
pangulong Ana, 30 Ang pangulong Dison, ang pangulong
Ezer, ang pangulong Disan: ito ang mga pangulong nagmula
sa mga Horeo ayon sa kanilang mga pangulo, sa lupain ng
Seir. 31 At ito ang mga hari na nagsipaghari sa lupain ng
Edom bago maghari ang sinomang hari sa angkan ni Israel.
32 At si Bela na anak ni Beor ay naghari sa Edom; at ang
pangalan ng kaniyang bayan ay Dinaba. 33 At namatay si
Bela, at naghari na kahalili niya si Jobab na anak ni Zera, na
taga Bozra. 34 At namatay si Jobab at naghari na kahalili
niya si Husam, na taga lupain ng mga Temaneo. 35 At
namatay si Husam, at naghari na kahalili niya si Adad, na
anak ni Badad, na siya ring sumakit kay Midian sa parang ni
Moab: at ang pangalan ng kaniyang bayan ay Avita. 36 At
namatay si Adad at naghari na kahalili niya si Samla na taga
Masreca. 37 At namatay si Samla at naghari na kahalili niya
si Saul, na taga Rehoboth na tabi ng Ilog. 38 At namatay
si Saul, at naghari na kahalili niya si Baalanan na anak ni
Achbor. 39 At namatay si Baalanan na anak ni Achbor, at
naghari na kahalili niya si Adar; at ang pangalan ng kaniyang
bayan ay Pau; at ang pangalan ng kaniyang asawa ay
Meetabel na anak ni Matred, na anak na babae ni Mezaab.
40 At ito ang mga pangalan ng mga pangulong nagmula kay

Esau, ayon sa kanikaniyang angkan, ayon sa kanikaniyang
dako, alinsunod sa kanikaniyang pangalan; ang pangulong
Timma, ang pangulong Alva, ang pangulong Jetheth; 41 Ang
pangulong Aholibama, ang pangulong Ela, ang pangulong
Pinon. 42 Ang pangulong Cenaz, ang pangulong Teman,
ang pangulong Mibzar. 43 Ang pangulong Magdiel, ang
pangulong Hiram: ito ang mga pangulo ni Edom, ayon sa
kanikaniyang tahanan sa lupain na kanilang pag-aari. Ito'y si
Esau na ama ng mga Edomita.

**37** At tumahan si Jacob sa lupaing pinangibahang lupain
ng kaniyang ama, sa lupain ng Canaan. 2 Ito ang lahi
ni Jacob. Si Jose, na may labing pitong taon, ay nagpapastol
ng kawan na kasama ng kaniyang mga kapatid; at siya'y
batang kasamahan ng mga anak ni Bilha at ng mga anak ni
Zilpa, na mga asawa ng kaniyang ama; at ibinalita ni Jose sa
kanilang ama ang kasamaan nila. 3 Minamahal nga ni Israel
si Jose ng higit kay sa lahat niyang anak, sapagka't siya ang
anak ng kaniyang katandaan: at siya'y iginawa ng isang
tunika na may sarisaring kulay. 4 At nakita ng kaniyang mga
kapatid na siya'y minamahal ng kanilang ama ng higit kay
sa lahat niyang kapatid; at siya'y kinapootan, at hindi nila
mapagsalitaan siya ng payapa. 5 At nanaginip si Jose ng
isang panaginip, at isinaysay sa kaniyang mga kapatid: at
lalo pa nilang kinapootan siya. 6 At sinabi niya sa kanila.
Pakinggan ninyo, ipinamamanhik ko sa inyo, itong panaginip
na aking napanaginip: 7 Sapagka't, narito, tayo'y nagtatali
ng mga bigkis ng trigo sa bukid, at, narito, na tumindig ang
aking bigkis, at tumuwid din naman at, narito, ang inyong
mga bigkis ay napasa palibot at yumukod sa aking bigkis. 8
At sa kaniya'y sinabi ng kaniyang mga kapatid, Maghahari
ka ba sa amin? o papapanginoon ka sa amin? At lalo pa
siyang kinapootan nila dahil sa kaniyang mga panaginip at
sa kaniyang mga salita. 9 At siya'y nanaginip pa ng ibang
panaginip, at isinaysay sa kaniyang mga kapatid, at sinabi,
Narito, ako'y nanaginip pa ng isang panaginip; at narito,
na ang araw, at ang buwan at ang labing isang bituin ay
yumukod sa akin. 10 At kaniyang isinaysay sa kaniyang ama
at sa kaniyang mga kapatid; at sinaway siya ng kaniyang
ama, at sa kaniya'y sinabi, Anong panaginip itong iyong
napanaginip? Tunay bang ako at ang iyong ina at ang iyong
mga kapatid ay yuyukod sa lupa sa harap mo? 11 At ang
kaniyang mga kapatid ay nainggit sa kaniya: datapuwa't
iningatan ng kaniyang ama ang salita sa pagiisip. 12 At
yumaon ang kaniyang mga kapatid upang magpastol ng
kawan ng kanilang ama, sa Sichem. 13 At sinabi ni Israel
kay Jose, Di ba nagpapastol ng kawan sa Sichem ang iyong
mga kapatid? Halika, at uutusan kita sa kanila. At sinabi
niya sa kaniya, Narito ako. 14 At kaniyang sinabi sa kaniya,
Yumaon ka, tingnan mo kung mabuti ang lagay ng iyong
mga kapatid, at kung mabuti ang lagay ng kawan; at balitaan
mo ako. Gayon sinugo siya mula sa libis ng Hebron, at
siya'y naparoon sa Sichem. 15 At nasumpungan siya ng
isang tao, at, narito, na siya'y naggagala sa parang; at siya'y
tinanong ng taong yaon, na sinasabi, Anong hinahanap
mo? 16 At kaniyang sinabi, Hinahanap ko ang aking mga
kapatid; ipinamamanhik ko sa iyo na sabihin mo sa akin
kung saan sila nagpapastol. 17 At sinabi ng tao, Nagsialis
na sila: sapagka't narinig kong kanilang sinabi, Tayo na sa
Dotan. At sinundan ni Jose ang kaniyang mga kapatid, at
nasumpungan niya sila sa Dotan. 18 At kanilang natanawan
siya sa malayo, at bago nakalapit sa kanila ay nagbanta sila
laban sa kaniya na siya'y patayin. 19 At nagsangusapan,
Narito, dumarating itong mapanaginipin. 20 Halikayo ngayon,
siya'y ating patayin, at siya'y ating itapon sa isa sa mga
balon, at ating sasabihin, Sinakmal siya ng isang masamang
hayop: at ating makikita kung anong mangyayari sa kaniyang
mga panaginip. 21 At narinig ni Ruben, at iniligtas siya sa
kanilang kamay; at sinabi, Huwag nating kitlin ang kaniyang
buhay. 22 At sinabi ni Ruben sa kanila, Huwag kayong
magbubo ng dugo; itapon ninyo sa balong ito na nasa
ilang, datapuwa't huwag ninyong pagbuhatan ng kamay;
upang iligtas sa kanilang kamay ng mapabalik sa kaniyang
ama. 23 At nangyari, nang dumating si Jose sa kaniyang
mga kapatid, na hinubdan siya ng kaniyang tunika, ng
tunikang may sarisaring kulay na kaniyang suot; 24 At
kanilang sinunggaban, at kanilang itinapon sa balon: at
ang balon ay tuyo, walang tubig. 25 At nagsiupo upang
kumain ng tinapay, at kanilang itiningin ang kanilang mga
mata at tumingin sila, at, narito, ang isang pulutong na
mga Ismaelita na nagsisipanggaling sa Gilead sangpu ng
kanilang mga kamelyo at may dalang mga pabango, at mga
balsamo, at mga mirra, na kanilang dadalhin sa Egipto. 26
At sinabi ni Juda sa kaniyang mga kapatid. Anong ating
mapapakinabang kung ating patayin ang ating kapatid, at
ilihim ang kaniyang dugo? 27 Halikayo, at atin siyang ipagbili
sa mga Ismaelita, at huwag natin siyang pagbuhatan ng
kamay; sapagka't siya'y ating kapatid, atin din laman. At
dininig siya ng kaniyang mga kapatid. 28 At nagsisipagdaan
ang mga mangangalakal na mga Midianita; at kanilang
isinampa si Jose sa balon, at ipinagbili nila si Jose sa
mga Ismaelita ng dalawang pung putol na pilak. At dinala
si Jose sa Egipto. 29 At nagbalik si Ruben sa balon; at,
narito, na si Jose ay wala sa balon; at kaniyang hinapak ang
kaniyang mga suot. 30 At siya'y nagbalik sa kaniyang mga
kapatid, at kaniyang sinabi, Wala ang bata; at ako, saan ako
paroroon? 31 At kanilang kinuha ang tunika ni Jose, at sila'y
pumatay ng isang lalaking kambing, at kanilang inilubog
ang tunika sa dugo: 32 At kanilang ipinadala ang tunikang

may sarisaring kulay, at dinala sa kanilang ama; at kanilang
sinabi, Ito'y aming nasumpungan: kilalanin mo ngayon, kung
tunika ng iyong anak o hindi. **33** At kaniyang kinilala, at
sinabi, Siya ngang tunika ng aking anak; sinakmal siya
ng isang masamang hayop; si Jose ay walang pagsalang
nilapa. **34** At hinapak ni Jacob ang kaniyang mga suot, at
kaniyang nilagyan ng magaspang na damit ang kaniyang
mga balakang, at tinangisang maraming araw ang kaniyang
anak. **35** At nagsitindig ang lahat niyang mga anak na
lalake at babae upang siya'y aliwin; datapuwa't tumanggi
siyang maaliw; at kaniyang sinabi, Sapagka't lulusong akong
tumatangis sa aking anak hanggang sa Sheol. At tinangisan
siya ng kaniyang ama. **(Sheol h7585)** **36** At ipinagbili siya ng
mga Midianita sa Egipto kay Potiphar, puno ni Faraon, na
kapitan ng bantay.

**38** At nangyari nang panahong yaon, na humiwalay si
Juda sa kaniyang mga kapatid, at nagdaan sa isang
Adullamita na ang pangalan ay Hira. **2** At nakita roon ni Juda
ang anak na babae ng isang Cananeo, na tinatawag na
Sua; at kinuha niya at kaniyang sinipingan. **3** At naglihi, at
nanganak ng lalake; at tinawag niya ang kaniyang pangalang
Er. **4** At naglihi uli, at nanganak ng lalake; at tinawag niya ang
kaniyang pangalang Onan. **5** At muling naglihi at nanganak
ng lalake; at tinawag niya ang kaniyang pangalang Selah:
at si Juda ay nasa sa Chezib nang siya'y manganak. **6**
At pinapag-asawa ni Juda si Er na kaniyang panganay, at
ang pangalan niyao'y Thamar. **7** At si Er, na panganay ni
Juda, ay naging masama sa paningin ng Panginoon; at
siya'y pinatay ng Panginoon. **8** At sinabi ni Juda kay Onan,
Sumiping ka sa asawa ng iyong kapatid, at tuparin mo sa
kaniya ang tungkulin ng kapatid ng asawa, at ipagbangon
mo ng binhi ang iyong kapatid. **9** At nalalaman ni Onan
na hindi magiging kaniya ang binhi; at nangyari, na pagka
sisiping siya sa asawa ng kaniyang kapatid, ay pinatutulo
niya sa lupa, nang huwag lamang niyang bigyan ng binhi
ang kaniyang kapatid. **10** At ang bagay na ginawa niya ay
masama sa paningin ng Panginoon, at siya'y pinatay rin
naman. **11** Nang magkagayo'y sinabi ni Juda kay Thamar na
kaniyang manugang na babae: Manatili kang bao sa bahay
ng iyong ama, hanggang sa lumaki si Selah na aking anak:
sapagka't sinabi niya, Marahil ay hindi siya mamamatay ng
gaya ng kaniyang mga kapatid. At yumaon si Thamar at
tumahan sa bahay ng kaniyang ama. **12** At nagdaan ang
maraming araw; at namatay ang anak na babae ni Sua, na
asawa ni Juda; at nagaliw si Juda, at umahon sa Timnath
sa mga manggugupit sa kaniyang mga tupa, siya at ang
kaniyang kaibigang si Hira na Adullamita. **13** At naibalita kay
Thamar, na sinasabi, Narito, ang iyong biyanang lalake ay
umaahon sa Timnath upang pagupitan ang kaniyang mga
tupa. **14** At siya'y nagalis ng suot pagkabao, at nagtakip ng
kaniyang lambong, at pagkapagtakip ay naupo sa pasukan
ng Enaim, na nasa daan ng Timnath; sapagka't kaniyang
nakikita, na si Selah ay malaki na, at hindi pa siya ibinibigay
na asawa. **15** Nang makita siya ni Juda ay ipinalagay siyang
patutot, sapagka't siya'y nagtakip ng kaniyang mukha. **16**
At lumapit sa kaniya, sa tabi ng daan, at sinabi, Narito
nga, ipinamamanhik ko sa iyo na ako'y pasipingin mo sa
iyo: sapagka't hindi niya nakilalang kaniyang manugang.
At kaniyang sinabi, Anong ibibigay mo sa akin sa iyong
pagsiping sa akin? **17** At kaniyang sinabi, Padadalhan
kita ng isang anak ng kambing na mula sa kawan. At
kaniyang sinabi, Bibigyan mo ba ako ng sangla hanggang
sa maipadala mo? **18** At kaniyang sinabi, Anong sangla ang
ibibigay ko sa iyo? At kaniyang sinabi, Ang iyong singsing, at
ang iyong pamigkis, at ang tungkod na dala mo sa kamay. At
kaniyang ipinagbibigay sa kaniya, at sumiping sa kaniya; at
siya'y naglihi sa pamamagitan niya. **19** At siya'y bumangon,
at yumaon, at siya'y nagalis ng kaniyang lambong, at isinuot
ang mga kasuutan ng kaniyang pagkabao. **20** At ipinadala
ni Juda ang anak ng kambing sa pamamagitan ng kamay
ng kaniyang kaibigan, na Adullamita, upang tanggapin
ang sangla sa kamay ng babae: datapuwa't hindi niya
nasumpungan. **21** Nang magkagayo'y kaniyang itinanong
sa mga tao sa dakong yaon na sinasabi, Saan nandoon
ang patutot na nasa tabi ng daan sa Enaim? At kanilang
sinabi, Walang naparitong sinomang patutot. **22** At nagbalik
siya kay Juda, at sinabi, Hindi ko nasumpungan: at sinabi
rin naman ng mga tao sa dakong yaon, Walang naging
patutot rito. **23** At sinabi ni Juda, Pabayaang ariin niya,
baka tayo'y mapahiya: narito, aking ipinadala itong anak ng
kambing at hindi mo siya nasumpungan. **24** At nangyari, na
pagkaraan ng tatlong buwan, humigit kumulang, ay naibalita
kay Juda, na sinasabi, Ang iyong manugang na si Thamar
ay nagpatutot; at, narito, siya'y buntis sa pakikiapid. At sinabi
ni Juda, Siya'y ilabas upang sunugin. **25** Nang siya'y ilabas,
ay nagpasabi siya sa kaniyang biyanan. Sa lalaking may-ari
ng mga ito, ay nagdalangtao ako: at kaniyang sinabi pang,
Ipinamamanhik ko sa iyo, na kilalanin mo kung kanino ang
mga ito, ang singsing, ang pamigkis, at ang tungkod. **26**
At nangakilala ni Juda, at sinabi, Siya'y matuwid kay sa
akin; sapagka't hindi ko ibinigay sa kaniya si Selah na aking
anak. At hindi na niya muling sinipingan pa. **27** At nangyari,
na sa pagdaramdam niya, na, narito, kambal ang nasa
kaniyang tiyan. **28** At nangyari, nang nanganganak siya, na
inilabas ng isa ang kamay: at hinawakan ng hilot at tinalian
sa kamay ng isang sinulid na mapula, na sinasabi, Ito ang
unang lumabas. **29** At nangyari, na pagkaurong ng kaniyang
kamay, na, narito, ang kaniyang kapatid ang lumabas. At

kaniyang sinabi, Bakit nagpumiglas ka? kaya't tinawag ang
pangalan niyang Phares. 30 At pagkatapos ay lumabas
ang kaniyang kapatid, na siyang may sinulid na mapula sa
kamay: at tinawag na Zara ang kaniyang pangalan.

**39** At ibinaba si Jose sa Egipto; at binili siya ni Potiphar,
puno ni Faraon, na kapitan ng bantay, na lalaking
taga Egipto, sa kamay ng mga Ismaelita na nagdala sa
kaniya roon. 2 At ang Panginoon ay suma kay Jose, at
naging lalaking mapalad; at siya'y nasa bahay ng kaniyang
panginoong taga Egipto. 3 At nakita ng kaniyang panginoon,
na ang Panginoon ay sumasakaniya, at ang lahat ng kaniyang
ginagawa ay pinagpapala ng Panginoon sa kaniyang kamay.
4 At nakasumpong si Jose ng biyaya sa kaniyang paningin,
at pinaglingkuran niya siya: at sa kaniya'y ipinamahala niya
ang bahay, at ang lahat niyang tinatangkilik ay isinakaniyang
kamay. 5 At nangyari, na mula sa panahon na siya'y
pamahalain sa kaniyang bahay, at sa lahat ng kaniyang
tinatangkilik, ay pinagpala ng Panginoon ang bahay ng
taga Egiptong yaon dahil kay Jose; at ang pagpapala ng
Panginoon ay sumalahat ng kaniyang tinatangkilik, sa bahay
at sa parang. 6 At kaniyang ipinamahala ang lahat niyang
tinatangkilik sa kamay ni Jose; at hindi siya nakikialam ng
anomang kaniya, liban sa tinapay na kaniyang kinakain. At
si Jose ay may magandang pagmumukha at kahalihalina. 7
At nangyari, pagkatapos ng mga bagay na ito, na tinitigan si
Jose ng asawa ng kaniyang panginoon at sinabi, Sipingan
mo ako. 8 Datapuwa't siya'y tumanggi at sinabi niya sa
asawa ng kaniyang panginoon, Narito, ang aking panginoon
ay hindi nakikialam sa akin tungkol sa nasa bahay, at lahat
ng kaniyang tinatangkilik ay ipinamahala sa aking kamay; 9
Walang sinomang dakila kay sa akin sa bahay na ito; walang
ipinagkait sa aking anomang bagay, kung di ikaw lamang,
sapagka't ikaw ay kaniyang asawa: paano ngang aking
magagawa itong malaking kasamaan, at kasalanan laban
sa Dios? 10 At nangyari, na nakikiusap man siya kay Jose
araw-araw, ay hindi nakikinig sa kaniya na siya'y sipingan, o
pakisamahan. 11 At nangyari nang panahong ito, na siya'y
pumasok sa bahay upang gawin niya ang kaniyang gawain
at wala sinoman sa mga tao sa bahay doon sa loob. 12 At
siya'y pinigilan niya sa kaniyang suot, na sinasabi, Sipingan
mo ako: at iniwan niya ang kaniyang suot sa kamay niya at
tumakas, at lumabas. 13 At nangyari, na pagkakita niyang
iniwan ang kaniyang suot sa kamay niya, at tumakas sa
labas, 14 Na siya'y tumawag ng mga tao sa kaniyang bahay,
at sinalita sa kanila, na sinasabi, Tingnan ninyo, na dinalhan
niya tayo ng isang Hebreo, upang tayo'y tuyain; pinasok niya
ako upang ako'y sipingan, at ako'y naghihiyaw ng malakas:
15 At nangyari nang marinig niyang ako'y nagtaas ng tinig at
naghihiyaw, na iniwan ang kaniyang suot sa aking siping, at
tumakas, at lumabas. 16 At kaniyang iningatan ang suot
niya sa kaniyang siping, hanggang sa umuwi ang kaniyang
panginoon sa kaniyang bahay. 17 At sinalita niya sa kaniya
ng ayon sa mga salitang ito, na sinasabi, Pinasok ako ng
aliping Hebreo na iyong dinala sa atin, upang tuyain ako:
18 At nangyari, na sapagka't nagtaas ako ng aking tinig at
ako'y naghihiyaw, ay kaniyang iniwan ang suot niya sa aking
siping, at tumakas sa labas. 19 At nangyari, na pagkarinig ng
kaniyang panginoon ng mga salita na sinalita sa kaniya ng
kaniyang asawa, na sinasabi, Ganitong paraan ang ginawa
sa akin ng iyong alipin; ay nagalab ang kaniyang galit. 20
At dinala ng kaniyang panginoon si Jose, at inilagay sa
bilangguan, sa dakong pinagkukulungan ng mga bilanggo ng
hari: at siya'y natira roon sa bilangguan. 21 Datapuwa't ang
Panginoon ay suma kay Jose, at iginawad sa kaniya ang
awa, at pinagkalooban ng biyaya sa paningin ng katiwala sa
bilangguan. 22 At ipinamahala ng katiwala sa bilangguan sa
mga kamay ni Jose ang lahat na mga bilanggo na nasa
bilangguan; at ang lahat ng ginagawa roon ay siya ang
gumagawa. 23 Hindi tinitingnan ng katiwala ng bilangguan
ang anomang bagay na nasa kaniyang kamay, sapagka't
ang Panginoo'y suma kay Jose; at ang kaniyang ginagawa
ay pinagpapala ng Panginoon.

**40** At nangyari, na pagkatapos ng mga bagay na ito,
na ang katiwala ng saro ng hari sa Egipto at ang
kaniyang magtitinapay ay nangagkasala laban sa kanilang
panginoon na hari sa Egipto. 2 At naginit si Faraon laban sa
kaniyang dalawang tagapamahala, sa puno ng mga katiwala
ng saro at sa puno ng mga magtitinapay. 3 At pinagpipiit sa
bilangguan, sa bahay ng kapitan ng bantay, sa bilangguang
kinabibilangguan ni Jose. 4 At ibinigay ng kapitan ng bantay
kay Jose ang pamamahala sa kanila at pinaglingkuran niya
sila: at sila'y natirang kaunting panahon sa bilangguan. 5
At ang katiwala at ang magtitinapay ng hari sa Egipto na
nangabibilango sa bilangguan, ay kapuwa nanaginip ng
kanikaniyang panaginip sa isang gabi, na bawa't isa ayon sa
paliwanag ng kanikaniyang panaginip. 6 At pinaroonan sila
ni Jose sa kinaumagahan, at sila'y tiningnan, at, narito, sila'y
mapanglaw. 7 At kaniyang tinanong ang mga tagapamahala
ni Faraon, na mga kasama niya sa bilangguan sa bahay ng
kaniyang panginoon, na sinasabi, Bakit kayo'y mapanglaw
ngayon? 8 At kanilang sinabi sa kaniya, Kami ay nanaginip
ng panaginip, at walang sinomang makapagpaliwanag. At
sinabi sa kanila ni Jose, Hindi ba ukol sa Dios ang mga
paliwanag? Isinasamo ko sa inyo, na inyong saysayin sa
akin. 9 At sinaysay ng puno ng mga katiwala ng saro kay
Jose ang kaniyang panaginip, at nagsabi sa kaniya, Sa
aking panaginip, narito, ang isang puno ng ubas ay nasa
harap ko; 10 At sa puno ng ubas, ay may tatlong sanga: at

yao'y pawang sumupling, na namulaklak, at ang mga buwig
niyaon, ay nangagtaglay ng mga ubas na hinog. 11 At ang
saro ni Faraon ay nasa aking kamay; at kumuha ako ng
mga ubas at aking pinagpipiga sa saro ni Faraon, at ibinigay
ko ang saro sa kamay ni Faraon. 12 At sinabi ni Jose sa
kaniya, Ito ang kapaliwanagan niyaon, ang tatlong sanga
ay tatlong araw; 13 Sa loob ng tatlong araw ay ititindig ni
Faraon ang iyong ulo, at isasauli ka sa iyong katungkulan: at
ibibigay mo ang saro ni Faraon sa kaniyang kamay, na gaya
ng karaniwang ginagawa mong dati ng ikaw ay kaniyang
katiwala. 14 Datapuwa't alalahanin mo ako kung ikaw ay
mapabuti na, at isinasamo ko sa iyo, na pagpakitaan mo ako
ng kagandahang loob, at banggitin mo ako kay Faraon, at
ako'y alisin mo sa bahay na ito: 15 Sapagka't ako'y tunay
na ninakaw sa lupain ng mga Hebreo: at dito naman ay
wala akong ginawang anoman, upang ako'y ilagay nila sa
bilangguan. 16 Nang makita ng puno ng mga magtitinapay,
na mabuti ang kapaliwanagan ay nagsabi kay Jose, Ako'y
nanaginip din, at narito, tatlong bakol ng tinapay na mabuti
ay nasa ibabaw ng aking ulo: 17 At sa kaibaibabawan ng
bakol ay mayroon ng lahat na sarisaring pagkaing niluto
para kay Faraon; at kinakain ng mga ibon sa bakol na nasa
ibabaw ng aking ulo. 18 At si Jose ay sumagot, at nagsabi,
Ito ang kapaliwanagan niyaon; ang tatlong bakol, ay tatlong
araw; 19 Sa loob ng tatlo pang araw ay itataas ni Faraon ang
iyong ulo, at ibibitin ka sa isang punong kahoy; at kakanin
ng mga ibon ang iyong laman. 20 At nangyari nang ikatlong
araw, na siyang kapanganakan kay Faraon, na gumawa siya
ng isang piging sa lahat ng kaniyang lingkod: at itinindig niya
ang ulo ng puno ng mga katiwala ng saro, at ang ulo ng
puno ng mga magtitinapay. 21 At ibinalik niya ang puno ng
mga katiwala ng saro sa kaniyang pagkakatiwala ng saro; at
ibinigay niya ang saro sa kamay ni Faraon: 22 Datapuwa't
ang puno ng mga magtitinapay, ay ibinitin sa isang puno ng
kahoy: gaya ng ipinaliwanag sa kanila ni Jose. 23 Gayon
ma'y hindi na naalaala si Jose ng puno ng mga katiwala ng
saro, kundi nalimutan siya.

**41** At nangyari, sa katapusan ng dalawang taong ganap,
na si Faraon ay nanaginip: at, narito, na siya'y nakatayo
sa tabi ng ilog. 2 At, narito may nagsiahon sa ilog na
pitong bakang magagandang anyo at matatabang laman; at
nanginain sa talahiban. 3 At, narito, na ibang pitong baka, na
nagsiahon sa ilog na nasa likuran nila, mga pangit na anyo,
at payat; at nagsihinto roon sa tabi ng mga unang baka, sa
tabi ng ilog. 4 At ang pitong bakang magagandang anyo
at matataba, ay nilamon ng mga bakang pangit ang anyo
at payat. Sa gayo'y nagising si Faraon. 5 At siya'y natulog
at nanaginip na bilang ikalawa; at, narito may sumupling
na pitong uhay na mabibintog at mabubuti, na may isa
lamang tangkay. 6 At, narito, may pitong uhay na payat at
tinutuyo ng hanging silanganan, na nagsitubong kasunod ng
mga yaon. 7 At nilamon ng mga uhay na payat ang pitong
uhay na mabibintog at malulusog. At nagising si Faraon, at,
narito, isang panaginip. 8 At nangyari, sa kinaumagahan, na
ang kaniyang diwa ay nagulumihanan at siya'y nagsugo at
kaniyang ipinatawag ang lahat ng mago sa Egipto, at ang
lahat ng pantas doon: at isinaysay ni Faraon sa kanila ang
kaniyang panaginip: datapuwa't walang makapagpaliwanag
kay Faraon. 9 Nang magkagayo'y nagsalita ang puno ng
mga katiwala kay Faraon, na sinasabi, Naaalaala ko sa araw
na ito ang aking mga sala: 10 Nguni't si Faraon laban sa
kaniyang mga alila, at ibinilanggo ako sa bahay ng kapitan
ng bantay, ako at ang puno ng mga magtitinapay. 11 At
nanaginip kami ng panaginip sa isang gabi, ako at siya: kami
ay kapuwa nanaginip ayon sa kapaliwanagan ng panaginip
ng isa't isa sa amin. 12 At nandoong kasama namin ang isang
binata, isang Hebreo, na alipin ng kapitan ng bantay; at siya
naming pinagsaysayan, at kaniyang ipinaliwanag sa amin
ang aming panaginip; ipinaliwanag niya ayon sa panaginip
ng bawat isa sa amin. 13 At nangyari, na kung paano ang
kaniyang pagkapaliwanag sa amin, ay nagkagayon; ako'y
pinabalik sa aking katungkulan, at ipinabitin ang isa. 14
Nang magkagayo'y nagsugo si Faraon at ipinatawag si
Jose, at siya'y inilabas na madalian sa bilangguan: siya'y
nagahit at nagbihis ng suot, at naparoon kay Faraon. 15
At sinabi ni Faraon kay Jose, Ako'y nanaginip ng isang
panaginip, at walang makapagpaliwanag: at nabalitaan kita,
na pagkarinig mo ng isang panaginip ay naipaliwanag mo.
16 At sumagot si Jose kay Faraon, na sinasabi, Wala sa akin;
Dios ang magbibigay ng sagot sa kapayapaan kay Faraon.
17 At sinalita ni Faraon kay Jose, Sa aking panaginip ay
narito, nakatayo ako sa tabi ng ilog: 18 At, narito, may
nagsiahon sa ilog na pitong bakang matatabang laman
at magagandang anyo, at nanginain sa talahiban: 19 At,
narito, may ibang pitong baka na nagsiahon sa likuran nila,
mga payat, at napakapangit ang anyo, at payat na kailan
ma'y hindi ako nakakita sa buong lupain ng Egipto ng ibang
kawangis ng mga yaon sa kapangitan. 20 At kinain ng
mga bakang payat at pangit, ang pitong nauunang bakang
matataba: 21 At nang kanilang makain, ay hindi man lamang
maalaman na sila'y kanilang nakain; kundi ang kanilang
anyo ay pangit ding gaya ng una. Sa gayo'y nagising ako.
22 At nakakita ako sa aking panaginip, at, narito, pitong uhay
ay tumataas sa isang tangkay, mapipintog at mabubuti. 23
At, narito, may pitong uhay na lanta, mga pipi at tinutuyo
ng hanging silanganan na nagsitaas na kasunod ng mga
yaon: 24 At nilamon ng mga uhay na lanta ang pitong uhay
na mabubuti: at aking isinaysay sa mga mago: datapuwa't

walang makapagpahayag niyaon sa akin. **25** At sinabi ni
Jose kay Faraon, Ang panaginip ni Faraon ay iisa; ang
gagawin ng Dios ay ipinahayag kay Faraon: **26** Ang pitong
bakang mabubuti ay pitong taon; at ang pitong uhay na
mabubuti ay pitong taon; ang panaginip ay iisa. **27** At ang
pitong bakang payat at mga pangit, na nagsiahong kasunod
ng mga yaon ay pitong taon, at gayon din ang pitong uhay
na tuyo, na pinapaspas ng hanging silanganan; kapuwa
magiging pitong taong kagutom. **28** Iyan ang bagay na
sinalita ko kay Faraon: ang gagawin ng Dios, ipinaalam
kay Faraon. **29** Narito, dumarating ang pitong taong may
malaking kasaganaan sa buong lupain ng Egipto; **30** At
may dadating, pagkatapos ng mga iyan, na pitong taong
kagutom; at malilimutan iyang buong kasaganaan sa lupain
ng Egipto; at pupuksain ng kagutom ang lupain; **31** At ang
kasaganaan ay hindi malalaman sa lupain, dahil sa kagutom
na sumusunod; sapagka't magiging napakahigpit. **32** At
kaya't pinagibayo ang panaginip kay Faraon na makalawa,
ay sapagka't bagay na itinatag ng Dios, at papangyayarihing
madali ng Dios. **33** Ngayon nga'y humanap si Faraon ng
isang taong matalino at pantas, at ilagay sa lupain ng
Egipto. **34** Gawing ganito ni Faraon, at maglagay ng mga
tagapamahala sa lupain, na paglimahing bahagi ang lupain
ng Egipto sa loob ng pitong taon ng kasaganaan. **35** At
kanilang tipunin ang lahat ng pagkain nitong mabubuting taon
na dumarating, at magkamalig ng trigo sa kapangyarihan
ng kamay ni Faraon, na pinakapagkain sa mga bayan at
ingatan. **36** At ang pagkain ay kamaligin na itaan sa lupain
sa pitong taong kagutom na mangyayari sa lupain ng Egipto;
upang huwag mapuksa ang lupain sa kagutom. **37** At ang
bagay ay minabuti ng mga mata ni Faraon, at ng mga mata
ng kaniyang mga lingkod. **38** At sinabi ni Faraon sa kaniyang
mga lingkod, Makakasumpong kaya tayo ng isang gaya nito,
na taong kinakasihan ng espiritu ng Dios? **39** At sinabi ni
Faraon kay Jose, Yamang ipinabatid sa iyo ng Dios: ang
lahat ng ito, ay walang matalino o pantas na gaya mo: **40**
Ikaw ay magpupuno sa aking bahay, at ayon sa iyong salita
ay pamamahalaan mo ang aking buong bayan: sa luklukang
hari lamang magiging mataas ako sa iyo. **41** At sinabi ni
Faraon kay Jose, Tingnan mo, ikaw ay inilagay ko sa buong
lupain ng Egipto. **42** At inalis ni Faraon sa kamay niya ang
kaniyang tandang singsing at inilagay sa kamay ni Jose,
at siya'y sinuutan ng magandang lino at nilagyan siya ng
isang kuwintas na ginto sa palibot ng kaniyang leeg; **43** At
siya'y pinasakay niya sa ikalawang karro na tinatangkilik
ni Faraon at isinisigaw sa unahan niya. Lumuhod kayo: at
inihalal siya na puno sa buong lupain ng Egipto. **44** At sinabi
ni Faraon kay Jose, Ako'y si Faraon, at kung wala ka ay
hindi magtataas ang sinomang tao ng kaniyang kamay o ng
kaniyang paa sa buong lupain ng Egipto. **45** At pinanganlan
ni Faraon si Jose na Zaphnath-paanea, at ibinigay na asawa
sa kaniya si Asenath, na anak ni Potiphera, na saserdote sa
On. At lumabas si Jose, sa lupain ng Egipto. **46** At si Jose
ay may tatlong pung taon nang tumayo sa harap ni Faraon
na hari sa Egipto. At si Jose ay umalis sa harap ni Faraon,
at nilibot ang buong lupain ng Egipto. **47** At sa pitong taong
sagana ay nagdulot ang lupa ng sagana. **48** At tinipon ni
Jose ang lahat na pagkain sa pitong taon na tinamo sa
lupain ng Egipto: at inimbak ang nangasabing pagkain sa
mga bayan; na ang pagkain sa bukid na nasa palibot ng
bawa't bayan ay inimbak sa bawa't kinauukulan ding bayan.
**49** At si Jose ay nagkamalig ng trigo na parang buhangin sa
dagat, na napakarami hanggang sa hindi nabilang; sapagka't
walang bilang. **50** At bago dumating ang taong kagutom ay
ipinanganak kay Jose ang dalawang lalake, na ipinanganak
sa kaniya ni Asenath na anak ni Potiphera, na saserdote sa
On. **51** At tinawag ni Jose ang pangalan ng panganay na
Manases, sapagka't aniya'y, Ipinalimot ng Dios sa akin ang
lahat ng aking kapagalan at ang buong bahay ng aking ama.
**52** At ang ipinangalan sa ikalawa ay Ephraim: Sapagka't
ako'y pinalago ng Dios sa lupain ng aking kadalamhatian. **53**
At ang pitong taon ng kasaganaan na nagkaroon sa lupain
ng Egipto ay natapos. **54** At ang pitong taon ng kagutom
ay nagpasimulang dumating, ayon sa sinabi ni Jose: at
nagkagutom sa lahat ng lupain; datapuwa't sa buong lupain
ng Egipto ay may tinapay. **55** At nang ang buong lupain
ng Egipto ay magutom, ay dumaing ng tinapay ang bayan
kay Faraon: at sinabi ni Faraon sa lahat ng mga Egipcio,
Pumaroon kayo kay Jose; ang kaniyang sabihin sa inyo ay
inyong gawin. **56** At ang kagutom ay nasa ibabaw ng buong
lupa: at binuksan ni Jose ang lahat ng kamalig at nagbili sa
mga Egipcio; at lumala ang kagutom sa lupain ng Egipto. **57**
At lahat ng mga taga ibang lupain ay nagsiparoon kay Jose
upang magsibili ng trigo; sapagka't lumala ang kagutom sa
buong lupa.

**42** Nabalitaan nga ni Jacob na may trigo sa Egipto, at
sinabi ni Jacob sa kaniyang mga anak, Bakit kayo
nangagtitinginan? **2** At kaniyang sinabi, Narito, aking narinig
na may trigo sa Egipto: bumaba kayo roon, at bumili kayo
roon ng sa ganang atin, upang tayo'y mabuhay at huwag
mamatay. **3** At ang sangpung kapatid ni Jose ay bumaba,
na bumili ng trigo sa Egipto. **4** Datapuwa't si Benjamin na
kapatid ni Jose, ay hindi sinugo ni Jacob na kasama ng
kaniyang mga kapatid; sapagka't aniya'y, Baka sakaling may
mangyari sa kaniyang anomang kapahamakan. **5** At ang
mga anak ni Israel ay nagsiparoong bumili, na kasalamuha
ng nagsisiparoon: sapagka't nagkakagutom sa lupain ng
Canaan. **6** At si Jose ang tagapamahala sa lupain; siya

ang nagbibili ng trigo sa lahat ng mga tao sa lupain: at
nagsidating ang mga kapatid ni Jose at nangagpatirapa
sa kaniya, na ang kanilang mga mukha ay pasubasob. **7**
At nakita ni Jose ang kaniyang mga kapatid, at kaniyang
nangakilala, datapuwa't siya'y nagkunwaring iba sa kanila,
at sila'y kinausap niya ng magilas; at sinabi sa kanila,
Saan kayo nagsipanggaling? At sinabi nila, Sa lupain ng
Canaan, upang bumili ng pagkain. **8** At nakilala ni Jose ang
kaniyang mga kapatid, datapuwa't hindi nila siya nakilala.
**9** At naalaala ni Jose ang mga panaginip na kaniyang
napanaginip, tungkol sa kanila, at sa kanila'y sinabi, Kayo'y
mga tiktik; upang tingnan ninyo ang kahubaran ng lupain
kaya kayo naparito. **10** At kanilang sinabi sa kaniya, Hindi
panginoon ko, kundi ang iyong mga lingkod ay nagsiparito
upang bumili ng pagkain. **11** Kaming lahat ay anak ng isa
lamang lalake; kami ay mga taong tapat, ang iyong mga
lingkod ay hindi mga tiktik. **12** At kaniyang sinabi sa kanila,
Hindi, kungdi upang tingnan ang kahubaran ng lupain kaya
kayo naparito. **13** At kanilang sinabi, Kaming iyong mga
lingkod ay labing dalawang magkakapatid, na mga anak
ng isa lamang lalake sa lupain ng Canaan; at, narito, ang
bunso ay nasa aming ama ngayon, at ang isa'y wala na.
**14** At sinabi sa kanila ni Jose, Iyan ang sinasalita ko sa
inyo, na aking sinasabi, Kayo'y mga tiktik; **15** Dito ko kayo
susubukin: alangalang sa buhay ni Faraon ay hindi kayo
aalis dito, malibang pumarito ang inyong kapatid na bunso.
**16** Suguin ninyo ang isa sa inyo, na dalhin dito ang inyong
kapatid, at kayo'y mangabibilanggo; upang masubok ang
inyong mga salita, kung may katotohanan sa inyo: o kung
hindi alangalang sa buhay ni Faraon, ay tunay na mga tiktik
kayo. **17** At kaniyang inilagay silang lahat na magkakasama
sa bilangguan na tatlong araw. **18** At sinabi ni Jose sa
kanila sa ikatlong araw, Gawin ninyo ito at mangabuhay
kayo; sapagka't natatakot ako sa Dios: **19** Kung kayo'y mga
taong tapat, ay matira ang isa sa inyong magkakapatid na
bilanggo sa bahay na pinagbilangguan sa inyo; datapuwa't
kayo'y yumaon, magdala kayo ng trigo dahil sa kagutom
sa inyong mga bahay: **20** At dalhin ninyo sa akin ang
inyong kapatid na bunso; sa ganito'y matototohanan ang
inyong mga salita, at hindi kayo mangamamatay. At kanilang
ginawang gayon. **21** At sila'y nagsabisabihan, Katotohanang
tayo'y salarin tungkol sa ating kapatid, sapagka't nakita natin
ang kahapisan ng kaniyang kaluluwa, nang namamanhik
sa atin, at hindi natin siya dininig; kaya't dumarating sa
atin ang kahapisang ito. **22** At si Ruben ay sumagot sa
kanila, na nagsasabi, Di ba nagsalita ako sa inyo, na
aking sinasabi, Huwag kayong magkasala laban sa bata; at
ayaw kayong makinig? kaya naman, narito, ang kaniyang
dugo ay nagsasakdal. **23** At hindi nila nalalaman na sila'y
pinakikinggan ni Jose; sapagka't may tagapagpaliwanag
sa kanila. **24** At siya'y humiwalay sa kanila, at umiyak; at
siya'y bumalik sa kanila, at sila'y kinausap at kinuha sa
kanila si Simeon, at siya'y tinalian sa harap ng kanilang
mga mata. **25** Nang magkagayo'y ipinagutos ni Jose na
punuin ang kanilang mga bayong ng trigo, at ibalik ang
salapi ng bawa't isa sa kanikaniyang bayong, at sila'y bigyan
ng mababaon sa daan: at ginawa sa kanilang gayon. **26** At
kanilang pinasanan ng trigo ang kanilang mga asno, at sila'y
yumaon mula roon. **27** At pagbubukas ng isa ng kaniyang
bayong upang bigyan ng pagkain ang kaniyang asno sa
tuluyan, ay nakita niya ang kaniyang salapi; at, narito, nasa
labi ng kaniyang bayong. **28** At sinabi niya sa kaniyang mga
kapatid, Ang salapi ko ay nasauli; at, narito, nasa aking
bayong: at kumutob ang kanilang puso; at nangagtinginan
na nangangininginig, na nagsasabihan, Ano itong ginawa ng
Dios sa atin? **29** At sila'y dumating kay Jacob na kanilang
ama sa lupain ng Canaan, at isinaysay nila sa kaniya ang
lahat na nangyari sa kanila; na sinasabi: **30** Ang lalaking
panginoon sa lupaing yaon ay kinausap kami na magilas,
at inari kaming mga tiktik sa lupain. **31** At aming sinabi sa
kaniya, Kami ay mga taong tapat; hindi kami mga tiktik: **32**
Kami ay labing dalawang magkakapatid, na mga anak ng
aming ama; ang isa'y wala na, at ang bunso ay nasa aming
ama ngayon sa lupain ng Canaan. **33** At sinabi sa amin ng
lalaking yaon, ng panginoon sa lupain, Dito ko makikilala na
kayo'y mga taong tapat: magiwan kayo sa akin ng isa sa
inyong magkakapatid, at magsipagdala kayo ng trigo dahil
sa kagutom sa inyong mga bahay, at kayo'y yumaon. **34**
At dalhin ninyo rito sa akin ang inyong kapatid na bunso:
kung gayo'y makikilala ko, na kayo'y hindi mga tiktik, kundi
kayo'y mga taong tapat: sa ganito'y isasauli ko sa inyo ang
inyong kapatid at kayo'y mangangalakal sa lupain. **35** At
nangyari na pagaalis ng laman ng kanilang mga bayong,
na, narito, sa bayong ng bawa't isa ay nakalagay ang balot
ng kanikaniyang salapi: at nang makita nila at ng kanilang
ama ang kanilang mga balot ng salapi, ay nangatakot. **36** At
sinabi sa kanila ng kanilang amang si Jacob, Inalis na ninyo
sa akin ang aking mga anak: si Jose ay wala, at si Simeon
ay wala, at aalisin pa ninyo si Benjamin: lahat ng bagay na
ito ay laban sa akin. **37** At nagsalita, si Ruben sa kaniyang
ama, na sinasabi, Ipapatay mo ang aking dalawang anak
kung siya'y hindi ko dalhin sa iyo; ibigay mo sa aking kamay,
at siya'y aking ibabalik sa iyo. **38** At kaniyang sinabi, Hindi
yayaon ang aking anak na kasama ninyo; sapagka't ang
kaniyang kapatid ay patay na, at siya lamang ang natitira;
kung mangyari sa kaniya ang anomang kapahamakan sa
daan na inyong paroroonan, ay pabababain nga ninyo ang
aking mga uban sa Sheol na may kapanglawan. **(Sheol h7585)**

**43** At ang kagutom ay mahigpit sa lupain. 2 At nangyari,
nang makain na nila ang trigong kanilang dinala mula
sa Egipto, na sinabi sa kanila ng kanilang ama, Kayo'y
pumaroong muli, ibili ninyo tayo ng kaunting pagkain. 3 At si
Juda ay nagsalita sa kaniya, na sinasabi, Ipinahayag sa
aming mahigpit ng lalaking yaon, na sinasabi, Hindi ninyo
makikita ang aking mukha, maliban na ipagsama ninyo ang
inyong kapatid. 4 Kung pasasamahin mo sa amin ang aming
kapatid, ay bababa kami, at ibibili ka namin ng pagkain.
5 Datapuwa't kung hindi mo paparoroonin ay hindi kami
bababa: sapagka't sinabi sa amin ng lalaking yaon, Hindi
ninyo makikita ang aking mukha, malibang kasama ninyo
ang inyong kapatid. 6 At sinabi ni Israel, Bakit ninyo ako
ginawan ng masama, na inyong sinabi sa lalake na mayroon
pa kayong ibang kapatid? 7 At kanilang sinabi, Tinanong
kami ng buong siyasat, tungkol sa amin, at tungkol sa aming
kamaganakan, na sinasabi, Buhay pa ba ang inyong ama?
May iba pa ba kayong kapatid? At isinaysay namin sa kaniya
ayon sa mga salitang ito: saan namin malalaman, kaniyang
sasabihin, Ibababa ninyo rito ang inyong kapatid? 8 At
sinabi ni Juda kay Israel na kaniyang ama. Pasamahin mo
sa akin ang bata at kami ay magsisitindig at magsisiyaon;
upang tayo'y mabuhay at huwag mamatay, kami, at ikaw,
at gayon din ang aming mga bata. 9 Ako ang mananagot
sa kaniya; sa aking kamay hahanapin mo siya; kung hindi
ko ibalik sa iyo, at ilagay sa harap mo, ay pasanin ko ang
sala magpakailan pa man: 10 Sapagka't kung hindi tayo
nagluwat, ay nakapagbalik na kaming makalawa. 11 At sinabi
sa kanila ng kanilang amang si Israel, Kung gayon, ngayo'y
gawin ninyo ito: magdala kayo sa inyong bayong ng mga
piling bunga ng lupain, at dalhan ninyo ang lalaking yaon ng
kaloob, ng kaunting balsamo at kaunting pulot, pabango,
at mirra, mga pile at almendras. 12 At magdala kayo ng
ibayong halaga ng salapi sa inyong kamay; at ang salaping
nabalik sa labi ng inyong mga bayong ay dalhin ninyong
muli sa inyong kamay; marahil ay kalituhan: 13 Dalhin din
ninyo ang inyong kapatid, at magtindig kayo at pumaroon
kayong muli sa lalaking yaon. 14 At pagkalooban nawa kayo
ng Dios na Makapangyarihan sa lahat ng kaawaan sa harap
ng lalaking yaon, upang isauli sa inyo ang inyong isang
kapatid at si Benjamin. At kung mawalan ako ng mga anak,
ay mawalan ako. 15 At dinala ng mga lalake ang kaloob na
yaon, at ibayong halaga ng salapi ang dinala sa kanilang
kamay, at si Benjamin; at nagsipagtindig, at nagsibaba sa
Egipto, at nagsiharap kay Jose. 16 At nang makita ni Jose
si Benjamin na kasama nila, ay sinabi niya sa katiwala ng
kaniyang bahay: Dalhin mo ang mga lalaking iyan sa bahay,
at magpatay ka ng mga hayop, at ihanda mo; sapagka't
ang mga lalaking iyan ay magsisipananghaling kasalo ko.
17 At ginawa ng lalake ang ayon sa iniutos sa kaniya ni
Jose; at dinala ng katiwala ang mga lalaking yaon sa bahay
ni Jose. 18 At ang mga lalake ay nangatakot, sapagka't
sila'y dinala sa bahay ni Jose; kanilang sinabi: Dahil sa
salaping isinauli sa ating mga bayong ng una, ay dinala
tayo rito; upang hanapan tayo ng dahilan, at tayo'y ibagsak
niya, at tayo'y ariin niyang mga alipin, at pati ng atin mga
asno. 19 At sila'y nagsilapit sa katiwala ng bahay ni Jose, at
kinausap nila sa pintuan ng bahay. 20 At sinabi nila, Oh
panginoon ko, tunay na kami ay bumaba ng una na bumili
ng pagkain: 21 At nangyari, nang dumating kami sa tuluyan,
na binuksan namin ang aming mga bayong, at, narito, ang
salapi ng bawa't isa sa amin ay nasa labi ng kanikaniyang
bayong, ang salapi namin sa tunay na timbang: at aming
muling dinala sa aming kamay. 22 At nagdala kami ng ibang
salapi sa aming kamay upang ibili ng pagkain; hindi namin
nalalaman kung sino ang naglagay ng aming salapi sa aming
mga bayong. 23 At kaniyang sinabi, Mapayapa kayo; huwag
kayong matakot, ang Dios ninyo at ang Dios ng inyong ama
ang nagbigay sa inyo ng kayamanang natatago sa inyong
mga bayong: tinanggap ko ang inyong salapi. At inilabas si
Simeon sa kanila. 24 At dinala ng katiwala ang mga lalake
sa bahay ni Jose, at sila'y binigyan ng tubig, at nangaghugas
ng kanilang mga paa; at binigyan ng pagkain ang kanilang
mga asno. 25 At kanilang inihanda ang kaloob sa pagdating
ni Jose sa tanghali; sapagka't kanilang narinig na doon sila
magsisikain ng tinapay. 26 At nang dumating si Jose sa
bahay, ay dinala nila sa kaniya sa loob ng bahay, ang kaloob
na nasa kanilang kamay, at sila'y nagpatirapa sa harap niya.
27 At sila'y kaniyang tinanong tungkol sa kanilang kalagayan,
at sinabi, Wala bang sakit ang inyong ama, ang matanda na
inyong sinalita? buhay pa ba? 28 At kanilang sinabi, Walang
sakit ang iyong lingkod na aming ama, buhay pa. At sila'y
nagsiyukod at nagsigalang. 29 At itiningin niya ang kaniyang
mga mata, at nakita si Benjamin na kapatid niya, na anak ng
kaniyang ina, at sinabi, Ito ba ang inyong kapatid na bunso,
na inyong sinalita sa akin? At kaniyang sinabi, Pagpalain ka
nawa ng Dios, anak ko. 30 At nagmadali si Jose; sapagka't
nagniningas ang kaniyang loob dahil sa kaniyang kapatid: at
humanap ng dakong maiiyakan; at pumasok sa kaniyang
silid, at umiyak doon. 31 At siya'y naghilamos at lumabas; at
nagpigil ng loob, at nagsabi, Maghain kayo ng tinapay. 32 At
kanilang hinainan siyang bukod, at silang bukod, at ang mga
Egipcio na kumakaing kasama niya ay bukod: sapagka't
ang mga taga Egipcio ay hindi makakaing kasalo ng mga
Hebreo; sapagka't kasuklamsuklam ito sa mga Egipcio. 33
At sila'y nagsiupo sa harap niya, ang panganay ayon sa
kaniyang pagkapanganay, at ang bunso ayon sa kaniyang
pagkabunso: at ang mga lalake ay nangamamangha na

nagtitinginan. 34 At sila'y idinampot ni Jose sa harap niya ng
mga ulam: datapuwa't ang ulam ni Benjamin ay humihigit
kay sa mga bahagi ng alin man sa kanila ng makalima. At
nangaginuman at nangakipagkatuwa sa kaniya.

**44** At kaniyang iniutos sa katiwala ng kaniyang bahay, na
sinasabi, Punuin mo ng mga pagkain ang mga bayong
ng mga lalaking ito, kung gaano ang kanilang madadala: at
ilagay mo ang salapi ng bawa't isa sa labi ng kanikaniyang
bayong. 2 At ilagay mo ang aking saro, ang sarong pilak, sa
labi ng bayong ng bunso, at ang salapi ng kaniyang trigo.
At ginawa niya ang ayon sa salita na sinalita ni Jose. 3
At pagliliwanag ng kinaumagahan, ay pinapagpaalam ang
mga lalake, sila at ang kanilang mga asno. 4 Nang sila'y
mangakalabas na sa bayan, at hindi pa sila nalalayo, ay
sinabi ni Jose sa katiwala ng kaniyang bahay, Bumangon ka
habulin mo ang mga lalake; at pagka sila'y iyong inabutan,
ay sabihin mo sa kanila, Bakit iginanti ninyo ay kasamaan sa
kabutihan? 5 Hindi ba ang sarong ito ang iniinuman ng aking
panginoon, at tunay na kaniyang ipinanghuhula? Kayo'y
gumawa ng masama sa paggawa ng ganiyan. 6 At kaniyang
inabutan sila, at kaniyang sinalita sa kanila ang mga ito. 7 At
kanilang sinabi sa kaniya, Bakit sinalita ng aking panginoon
ang mga salitang ito? Huwag itulot ng Dios na gumawa ang
iyong mga lingkod ng ganiyang bagay. 8 Narito, ang salapi
na aming nasumpungan sa labi ng aming mga bayong ay
aming isinauli sa iyo mula sa lupain ng Canaan: paano ngang
kami ay magnanakaw sa bahay ng iyong panginoon ng
pilak o ginto? 9 Yaong kasumpungan sa iyong mga lingkod,
ay mamatay, at pati kami ay magiging alipin ng aming
panginoon. 10 At kaniyang sinabi, Mangyari nga ang ayon sa
inyong mga salita; yaong kasumpungan ay magiging aking
alipin; at kayo'y mawawalan ng sala. 11 Nang magkagayo'y
nagmadali sila, at ibinaba ng bawa't isa ang kaniyang bayong
sa lupa, at binuksan ng bawa't isa ang kaniyang bayong.
12 At kaniyang sinaliksik, na pinasimulan sa panganay at
niwakasan sa bunso; at nasumpungan ang saro sa bayong
ni Benjamin. 13 Nang magkagayo'y kanilang hinapak ang
kanilang mga suot, at pinasanan ng bawa't isa ang kaniyang
asno, at nagsibalik sa bayan. 14 At si Juda at ang kaniyang
mga kapatid ay dumating sa bahay ni Jose at siya'y nandoon
pa, at sila'y nangagpatirapa sa lupa sa harap niya. 15 At
sinabi sa kanila ni Jose, Anong gawa itong inyong ginawa?
Hindi ba ninyo nalalaman na ang isang tao na gaya ko ay
tunay na makahuhula? 16 At sinabi ni Juda: Anong aming
sasabihin sa aming panginoon? anong aming sasalitain?
o paanong kami ay magpapatotoo? Inilitaw ng Dios ang
kasamaan ng iyong mga lingkod: narito, kami ay alipin ng
aming panginoon, kami sampu niyaong kinasumpungan ng
saro. 17 At kaniyang sinabi, Huwag nawang itulot ng Dios na
ako'y gumawa ng ganiyan; ang taong kinasumpungan ng
saro, ay siyang magiging aking alipin; datapuwa't tungkol
sa inyo ay pumaroon kayong payapa sa inyong ama. 18
Nang magkagayo'y lumapit si Juda sa kaniya, at nagsabi,
Oh panginoon ko, ipinamamanhik ko sa iyo na papagsalitain
ang iyong lingkod, ng isang salita sa mga pakinig ng aking
panginoon, at huwag nawang magalab ang iyong loob laban
sa iyong lingkod; sapagka't ikaw ay parang si Faraon. 19
Tinanong ng aking panginoon ang kaniyang mga lingkod,
na sinasabi; Kayo ba'y mayroong ama o kapatid? 20 At
aming sinabi sa aking panginoon, Kami ay may ama, isang
matanda, at isang anak sa kaniyang katandaan, isang
munting bata at ang kaniyang kapatid ay namatay, at siya
lamang ang naiwan ng kaniyang ina, at minamahal siya
ng kaniyang ama. 21 At sinabi mo sa iyong mga lingkod,
Dalhin ninyo rito sa akin, upang mamasdan ko siya ng aking
mga mata. 22 At aming sinabi sa aking panginoon, Hindi
maiiwan ng bata ang kaniyang ama: sapagka't kung iiwan
niya ang kaniyang ama, ay mamamatay ang ama niya.
23 At iyong sinabi sa iyong mga lingkod, Hindi na ninyo
makikita ang aking mukha, malibang inyong ipagsamang
bumaba ang inyong kapatid na bunso. 24 At nangyari nang
panhikin namin ang inyong lingkod na aking ama, ay aming
isinaysay sa kaniya ang mga salita ng aking panginoon.
25 At sinabi ng aming ama, Pumaroon kayo uli, ibili ninyo
tayo ng kaunting pagkain. 26 At aming sinabi, Hindi kami
makabababa: kung ang aming bunsong kapatid ay kasama
namin ay bababa nga kami: sapagka't hindi namin makikita
ang mukha ng lalaking yaon, malibang ang aming bunsong
kapatid ay kasama namin. 27 At sinabi ng iyong lingkod na
aming ama sa amin, Inyong talastas na ang aking asawa
ay nagkaanak sa akin ng dalawang lalake: 28 At ang isa'y
umalis sa akin, at aking sinabi, Tunay na siya'y nalapa; at
hindi ko siya nakita mula noon. 29 At kung inyong kunin
pa ang isang ito sa akin, at may mangyaring sakuna sa
kaniya, ay inyong ibababa ang aking uban sa Sheol na
may kapanglawan. **(Sheol h7585)** 30 Ngayon nga'y kung ako'y
dumating sa iyong lingkod na aking ama, at ang bata ay
hindi namin kasama; sapagka't ang kaniyang buhay ay
natatali sa buhay ng batang iyan; 31 Ay mangyayari nga na
pagka kaniyang nakitang ang bata ay di namin kasama, na
mamamatay siya: at ibababa sa Sheol na may kapanglawan
ng iyong mga lingkod ang mga uban ng iyong lingkod na
aming ama. **(Sheol h7585)** 32 Sapagka't ang iyong lingkod
ang siyang nanagot sa bata sa aking ama, na nagsasabi:
Kung hindi ko siya dalhin sa iyo, ay papasanin ko nga ang
kasalanan sa aking ama magpakailan man. 33 Ngayon nga,
ay ipahintulot mo na ang iyong lingkod, aking isinasamo sa
iyo, ay maiwan na kahalili ng bata na pinakaalipin ng aking

panginoon; at iyong ipahintulot na ang bata ay umahong
kasama ng kaniyang mga kapatid. **34** Sapagka't paanong
paroroon ako sa aking ama, at ang bata'y di ko kasama?
Baka aking makita pa ang sakunang sasapit sa aking ama.

**45** Nang magkagayon ay hindi nakapagpigil si Jose sa
harap nilang lahat na nakatayo sa siping niya; at
sumigaw, Paalisin ninyo ang lahat ng tao sa aking harap.
At walang taong tumayo na kasama niya samantalang
si Jose ay napakikilala sa kaniyang mga kapatid. **2** At
siya'y umiyak ng malakas: at narinig ng mga Egipcio, at
narinig ng sangbahayan ni Faraon. **3** At sinabi ni Jose sa
kaniyang mga kapatid, Ako'y si Jose; buhay pa ba ang aking
ama? At ang kaniyang mga kapatid ay hindi mangakasagot
sa kaniya: sapagka't sila'y nagugulumihanan sa kaniyang
harap. **4** At sinabi ni Jose sa kaniyang mga kapatid, Lumapit
kayo sa akin, isinasamo ko sa inyo. At sila'y lumapit. At
kaniyang sinabi: Ako'y si Jose na inyong kapatid, na inyong
ipinagbili upang dalhin sa Egipto. **5** At ngayo'y huwag kayong
magdalamhati, o magalit man sa inyong sarili na inyo akong
ipinagbili rito: sapagka't sinugo ako ng Dios sa unahan ninyo
upang magadya ng buhay. **6** Sapagka't may dalawang taon
nang ang kagutom ay nasa lupain; at may limang taon pang
hindi magkakaroon ng pagbubukid, o pagaani man. **7** At
sinugo ako ng Dios sa unahan ninyo upang papanatilihin
kayong pinakalahi sa lupa, at upang iligtas kayong buhay
sa pamamagitan ng dakilang pagliligtas. **8** Hindi nga kayo
ang nagsugo sa akin dito, kundi ang Dios: at kaniya akong
ginawang ama kay Faraon, at panginoon sa buo niyang
bahay, at tagapamahala ng buong lupain ng Egipto. **9**
Magmadali kayo, at pumaroon kayo sa aking ama, at sabihin
ninyo sa kaniya: Ganito ang sabi ng iyong anak na si Jose:
Ginawa akong panginoon ng Dios sa buong Egipto: pumarito
ka sa akin, huwag kang magluwat. **10** At ikaw ay tatahan sa
lupain ng Gosen, at malalapit ka sa akin, ikaw at ang iyong
mga anak, at ang mga anak ng iyong mga anak, at ang
iyong mga kawan, at ang iyong mga bakahan, at ang iyong
buong tinatangkilik. **11** At doo'y kakandilihin kita; sapagka't
may limang taong kagutom pa; baka ikaw ay madukha,
ikaw at ang iyong sangbahayan, at ang lahat ng iyo. **12**
At, narito, nakikita ng inyong mga mata at ng mga mata
ng aking kapatid na si Benjamin, na ang aking bibig ang
nagsasalita sa inyo. **13** At inyong sasaysayin sa aking ama
ang aking buong kaluwalhatian sa Egipto, at ang inyong
buong nakita; at kayo'y magmamadali at inyong ibababa rito
ang aking ama. **14** At siya'y humilig sa leeg ng kaniyang
kapatid na si Benjamin, at umiyak; at si Benjamin ay umiyak
sa ibabaw ng kaniyang leeg. **15** At kaniyang hinagkan ang
lahat niyang kapatid, at umiyak sa kanila: at pagkatapos ay
nakipagsalitaan sa kaniya ang kaniyang mga kapatid. **16**
At ang kabantugang yaon ay naibalita sa sangbahayan ni
Faraon, na sinasabi, Nagsidating ang mga kapatid ni Jose:
at ikinalugod ni Faraon, at ng kaniyang mga lingkod. **17** At
sinabi ni Faraon kay Jose, Sabihin mo sa iyong mga kapatid,
Ito'y gawin ninyo: pasanan ninyo ang inyong mga hayop, at
kayo'y yumaon, umuwi sa lupain ng Canaan; **18** At dalhin
ninyo ang inyong ama at ang inyong mga sangbahayan,
at pumarito kayo sa akin: at aking ibibigay sa inyo ang
pinakamabuti sa lupain ng Egipto, at kakanin ninyo ang
katabaan ng lupain. **19** Ngayo'y inuutusan ka, ito'y gawin
ninyo; kumuha kayo ng mga kariton sa lupain ng Egipto
para sa inyong mga bata, at sa inyong mga asawa, at dalhin
ninyo rito ang inyong ama, at kayo'y pumarito. **20** Huwag din
ninyong lingapin ang inyong pag-aari; dahil sa ang buti ng
buong lupain ng Egipto ay inyo. **21** At ginawang gayon ng
mga anak ni Israel: at binigyan sila ni Jose ng mga kariton,
ayon sa utos ni Faraon, at sila'y binigyan ng mababaon
sa daan. **22** Sa kanilang lahat ay nagbigay siya ng mga
pangpalit na bihisan; nguni't kay Benjamin ay nagbigay
siya ng tatlong daang putol na pilak, at limang pangpalit
na bihisan. **23** At sa kaniyang ama ay nagpadala siya ng
ganitong paraan; sangpung asnong may pasang mabuting
mga bagay sa Egipto, at sangpung asna na may pasang
trigo at tinapay at pagkain ng kaniyang ama sa daan. **24**
Sa ganito ay kaniyang pinapagpaalam ang kaniyang mga
kapatid, at sila'y yumaon: at kaniyang sinabi sa kanila,
Huwag kayong magkaaalit sa daan. **25** At sila'y sumumpa
mula sa Egipto, at naparoon sa lupain ng Canaan, kay Jacob
na kanilang ama. **26** At kanilang isinaysay sa kaniya, na
sinasabi, Si Jose ay buhay pa, at siya'y puno sa buong
lupain ng Egipto. At ang kaniyang puso ay nanglupaypay,
sapagka't di niya pinaniwalaan sila. **27** At kanilang isinaysay
sa kaniya ang lahat ng salita ni Jose, na kaniyang sinabi sa
kanila: nang kaniyang makita ang mga karitong ipinadala ni
Jose upang dalhin sa kaniya, ay nagsauli ang diwa ni Jacob
na kanilang ama. **28** At sinabi ni Israel, Siya na; si Jose na
aking anak ay buhay pa: ako'y paroroon at titingnan ko siya,
bago ako mamatay.

**46** At si Israel ay naglakbay na dala ang lahat niyang
tinatangkilik, at napasa Beerseba, at naghandog ng
mga hain sa Dios ng kaniyang amang si Isaac. **2** At kinausap
ng Dios si Israel sa mga panaginip sa gabi, at sinabi, Jacob,
Jacob. At sinabi niya, Narito ako: **3** At kaniyang sinabi,
Ako'y Dios, ang Dios ng iyong ama, huwag kang matakot na
bumaba sa Egipto: sapagka't doo'y gagawin kitang isang
dakilang bansa: **4** Ako'y bababang kasama mo sa Egipto; at
tunay na iaahon kita uli, at ipapatong ni Jose ang kaniyang
kamay sa iyong mga mata. **5** At bumangon si Jacob mula
sa Beerseba; at dinala ng mga anak ni Israel si Jacob na

kanilang ama, at ang kanilang mga bata, at ang kanilang
mga asawa, sa mga kariton na ipinadala ni Faraon kay
Jacob. **6** At kanilang dinala ang kanilang mga hayop, at ang
kanilang mga pag-aari na kanilang inimpok sa lupain ng
Canaan, at na pasa Egipto, si Jacob at ang buong binhi niya
na kasama niya. **7** Ang kaniyang mga anak na lalake at
babae, at ang mga anak na lalake at babae ng kaniyang
mga anak na kasama niya, at ang kaniyang buong binhi
ay dinala niyang kasama niya sa Egipto. **8** At ito ang mga
pangalan ng mga anak ni Israel, na napasa Egipto, ni Jacob
at ng kaniyang mga anak: si Ruben na anak na panganay ni
Jacob. **9** At ang mga anak ni Ruben; si Hanoch, at si Phallu,
at si Hezron, at si Carmi. **10** At ang mga anak ni Simeon; si
Jemuel, at si Jamin, at si Ohad, at si Jachin, at si Zohar, at
si Saul na anak ng isang babaing taga Canaan. **11** At ang
mga anak ni Levi; si Gerson, si Coat at si Merari. **12** At ang
mga anak ni Juda; si Er, at si Onan, at si Sela, at si Phares,
at si Zara; nguni't si Er at si Onan ay namatay sa lupain ng
Canaan. At ang mga anak ni Phares, si Hezron at si Hamul.
**13** At ang mga anak ni Issachar; si Thola, at si Phua, at si
Job, at si Simron. **14** At ang mga anak ni Zabulon; si Sered;
at si Elon, at si Jahleel. **15** Ito ang mga anak ni Lea, na
kaniyang ipinanganak kay Jacob sa Padan-aram, sangpu
ng kaniyang anak na babaing si Dina: ang lahat na taong
kaniyang mga anak na lalake at babae ay tatlong pu't tatlo.
**16** At ang mga anak ni Gad; si Ziphion, at si Aggi, si Suni, at
si Ezbon, si Heri, at si Arodi, at si Areli. **17** At ang mga anak
ni Aser; si Jimna; at si Ishua, at si Isui, at si Beria, at si Sera
na kanilang kapatid na babae: at ang mga anak ni Beria; si
Heber, at si Malchel. **18** Ito ang mga anak ni Zilpa na siyang
ibinigay ni Laban kay Lea na kaniyang anak na babae, at
ang mga ito ay kaniyang ipinanganak kay Jacob, na labing
anim na tao. **19** Ang mga anak ni Raquel na asawa ni Jacob;
si Jose at si Benjamin. **20** At kay Jose ay ipinanganak sa
lupain ng Egipto si Manases at si Ephraim, na ipinanganak
sa kaniya ni Asenath, na anak ni Potiphera na saserdote sa
On. **21** At ang mga anak ni Benjamin; si Bela; at si Becher,
at si Asbel, si Gera, at si Naaman, si Ehi, at si Ros, si
Muppim, at si Huppim, at si Ard. **22** Ito ang mga anak ni
Raquel na ipinanganak kay Jacob: lahat ay labing apat. **23**
At ang mga anak ni Dan; si Husim. **24** At ang mga anak ni
Nephtali; si Jahzeel, at si Guni, at si Jezer, at si Shillem. **25**
Ito ang mga anak ni Bilha, na siyang ibinigay ni Laban kay
Raquel na kaniyang anak, at ang mga ito ang ipinanganak
niya kay Jacob; lahat na tao ay pito. **26** Lahat na tao na
sumama kay Jacob sa Egipto, na nagsilabas sa kaniyang
mga balakang, bukod pa ang mga asawa ng mga anak ni
Jacob, ang lahat na tao ay anim na pu't anim; **27** At ang
mga anak ni Jose na ipinanganak sa kaniya sa Egipto, ay
dalawang katao; ang lahat na tao sa sangbahayan ni Jacob,
na napasa Egipto, ay pitongpu. **28** At pinapagpauna niya si
Juda kay Jose, upang ituro ang daan na patungo sa Gosen;
at sila'y nagsidating sa lupain ng Gosen. **29** At inihanda ni
Jose ang kaniyang karro, at sumampang sinalubong si Israel
na kaniyang ama sa Gosen; at siya'y humarap sa kaniya, at
yumakap sa kaniyang leeg, at umiyak sa kaniyang leeg na
matagal. **30** At sinabi ni Israel kay Jose, Ngayo'y mamatay
na ako yamang nakita ko na ang iyong mukha, na ikaw ay
buhay pa. **31** At sinabi ni Jose sa kaniyang mga kapatid, at
sa sangbahayan ng kaniyang ama, Ako'y aahon, at aking
sasaysayin kay Faraon, at aking sasabihin sa kaniya. Ang
aking mga kapatid, at ang sangbahayan ng aking ama,
na nangasa lupain ng Canaan, ay naparito sa akin; **32**
At ang mga lalake ay mga pastor, sapagka't sila'y naging
tagapagalaga ng hayop, at kanilang dinala ang kanilang
mga kawan, at ang kanilang mga bakahan, at ang lahat
nilang tinatangkilik. **33** At mangyayaring, pagka tatawagin
kayo ni Faraon, at sasabihin, Ano ang inyong hanapbuhay?
**34** Na inyong sasabihin, Ang iyong mga lingkod ay naging
tagapagalaga ng hayop mula sa aming pagkabata hanggang
ngayon, kami at ang aming mga magulang; upang kayo'y
matira sa lupain ng Gosen; sapagka't bawa't pastor ay
kasuklamsuklam sa mga Egipcio.

**47** Nang magkagayo'y pumasok si Jose at isinaysay kay
Faraon, at sinabi, Ang aking ama, at ang aking mga
kapatid, at ang kanilang mga kawan, at ang kanilang mga
bakahan, at ang lahat nilang tinatangkilik, ay dumating na
mula sa lupain ng Canaan; at, narito, sila'y nasa lupain ng
Gosen. **2** At sa kaniyang mga kapatid ay nagsama siya
ng limang lalake, at mga iniharap niya kay Faraon. **3** At
sinabi ni Faraon sa kaniyang mga kapatid, Ano ang inyong
hanapbuhay? At kanilang sinabi kay Faraon, Ang iyong
mga lingkod ay mga pastor, kami at gayon din ang aming
mga magulang. **4** At kanilang sinabi kay Faraon, Upang
makipamayan sa bayang ito ay naparito kami; sapagka't
walang makain ang mga kawan ng iyong mga lingkod; dahil
sa ang kagutom ay mahigpit sa lupain ng Canaan: ngayon
nga, ay isinasamo namin sa iyo, na pahintulutan mo na
ang iyong mga lingkod ay tumahan sa lupain ng Gosen.
**5** At sinalita ni Faraon kay Jose, na sinasabi, Ang iyong
ama at ang iyong mga kapatid ay naparito sa iyo: **6** Ang
lupain ng Egipto ay nasa harap mo; sa pinakamabuti sa
lupain ay patirahin mo ang iyong ama at ang iyong mga
kapatid; sa lupain ng Gosen patirahin mo sila: at kung
may nakikilala kang mga matalinong lalake sa kanila, ay
papamahalain mo sa aking hayop. **7** At ipinasok ni Jose si
Jacob na kaniyang ama, at itinayo niya sa harap ni Faraon,
at binasbasan ni Jacob si Faraon. **8** At sinabi ni Faraon kay

Jacob, Ilan ang mga araw ng mga taon ng iyong buhay?
9 At sinabi ni Jacob kay Faraon, Ang mga araw ng mga
taon ng aking pakikipamayan ay isang daan at tatlong pung
taon; kaunti at masasama ang mga naging araw ng mga
taon ng aking buhay, at hindi umabot sa mga araw ng
mga taon ng buhay ng aking mga magulang sa mga araw
ng kanilang pakikipamayan. 10 At binasbasan ni Jacob si
Faraon at umalis sa harapan ni Faraon. 11 At itinatag ni Jose
ang kaniyang ama, at ang kaniyang mga kapatid, at sila'y
binigyan ng pag-aari sa lupain ng Egipto, sa pinakamabuti
sa lupain, sa lupain ng Rameses, gaya ng iniutos ni Faraon.
12 At pinakain ni Jose ng tinapay ang kaniyang ama, at
ang kaniyang mga kapatid, at ang buong sangbahayan ng
kaniyang ama, ayon sa kanikaniyang sangbahayan. 13 At
walang tinapay sa buong lupain; sapagka't ang kagutom ay
totoong malala, na ano pa't ang lupain ng Egipto, at ang
lupain ng Canaan ay nanglulupaypay dahil sa kagutom. 14
At tinipon ni Jose ang lahat ng salapi na nasumpungan sa
lupain ng Egipto, at sa lupain ng Canaan, dahil sa trigong
kanilang binibili: at ipinasok ni Jose ang salapi sa bahay ni
Faraon. 15 At nang ang salapi ay maubos na lahat sa lupain
ng Egipto, at sa lupain ng Canaan, ay naparoon kay Jose
ang lahat ng mga Egipcio, at nagsabi; Bigyan mo kami ng
tinapay: sapagka't bakit kami mamamatay sa iyong harap?
dahil sa ang aming salapi ay naubos. 16 At sinabi ni Jose,
Ibigay ninyo ang inyong mga hayop; at bibigyan ko kayo
dahil sa inyong mga hayop; kung naubos na ang salapi.
17 At kanilang dinala ang kanilang mga hayop kay Jose,
at binigyan sila ni Jose ng tinapay na pinakapalit sa mga
kabayo, at sa mga kawan, at sa mga bakahan, at sa mga
asno; at kaniyang pinakain sila ng tinapay na pinakapalit sa
kanilang lahat na hayop sa taong yaon. 18 At nang matapos
ang taong yaon ay naparoon sila sa kaniya ng ikalawang
taon, at kanilang sinabi sa kaniya: Hindi namin ililihim sa
aming panginoon, na kung paanong ang aming salapi ay
naubos, at ang mga kawan ng hayop ay sa aking panginoon;
wala nang naiiwan sa paningin ng aking panginoon kundi ang
aming katawan at ang aming mga lupa. 19 Bakit nga kami
mamamatay sa harap ng iyong mga mata, kami at ang aming
lupa? bilhin mo ng tinapay kami at ang aming lupa at kami
at ang aming lupa ay paaalipin kay Faraon: at bigyan mo
kami ng binhi, upang kami ay mabuhay, at huwag mamatay,
at ang lupa ay huwag masira. 20 Sa ganito'y binili ni Jose
ang buong lupain ng Egipto para kay Faraon; sapagka't
ipinagbili ng bawa't isa sa mga Egipcio ang kaniyang bukid,
dahil sa ang kagutom ay totoong mahigpit sa kanila: at ang
lupain ay naging kay Faraon. 21 At tungkol sa mga tao ay
kanilang ibinago sila sa mga bayan mula sa isang dulo
ng hanganan ng Egipto hanggang sa kabilang dulo, 22
Ang lupa lamang ng mga saserdote ang hindi niya nabili:
sapagka't ang mga saserdote'y may bahagi kay Faraon,
at kanilang kinakain ang kanilang bahagi na ibinibigay sa
kanila ni Faraon; kaya hindi nila ipinagbili ang kanilang
lupa. 23 Nang magkagayo'y sinabi ni Jose sa bayan: Narito,
aking binili kayo ng araw na ito, at ang inyong lupa'y para
kay Faraon: narito, ito ang ipangbibinhi ninyo, at inyong
hahasikan ang lupa. 24 At mangyayari sa pag-aani ay inyong
ibibigay ang ikalimang bahagi kay Faraon, at ang apat na
bahagi ay sa inyo, sa binhi sa bukid at sa inyong pagkain, at
sa inyong mga kasangbahay, at pinakapagkain sa inyong
mga bata. 25 At kanilang sinabi, Iyong iniligtas ang aming
buhay: makasumpong nawa kami ng biyaya sa paningin ng
aking panginoon, at kami ay maging mga alipin ni Faraon.
26 At ginawang kautusan ni Jose sa lupain ng Egipto sa araw
na ito, na mapapasa kay Faraon ang ikalimang bahagi, liban
lamang ang lupa ng mga saserdote na hindi naging kay
Faraon. 27 At si Israel ay tumahan sa lupain ng Egipto, sa
lupain ng Gosen; at sila'y nagkaroon ng mga pag-aari roon,
at pawang sagana at totoong dumami. 28 At si Jacob ay
tumira sa lupain ng Egipto na labing pitong taon; kaya't ang
mga araw ni Jacob, ang mga taon ng kaniyang buhay, ay
isang daan at apat na pu't pitong taon. 29 At ang panahon
ay lumalapit na dapat nang mamatay si Israel: at kaniyang
tinawag ang kaniyang anak na si Jose, at sinabi niya sa
kaniya, Kung ngayo'y nakasumpong ako ng biyaya sa iyong
paningin, ay ilagay mo, isinasamo ko sa iyo, ang iyong
kamay sa ilalim ng aking hita, at pagpakitaan mo ako ng
kaawaan at katotohanan; isinasamo ko sa iyong huwag mo
akong ilibing sa Egipto: 30 Kundi pagtulog kong kasama ng
aking mga magulang ay dadalhin mo ako mula sa Egipto,
at ililibing mo ako sa kanilang libingan. At kaniyang sinabi,
Aking gagawin ang gaya ng iyong sabi. 31 At kaniyang
sinabi, Sumumpa ka sa akin: at sumumpa siya sa kaniya. At
yumukod si Israel sa ulunan ng higaan.

**48** At nangyari, pagkatapos ng mga bagay na ito, na
sinabi ng isa kay Jose, Narito, ang iyong ama ay may
sakit: at kaniyang ipinagsama ang kaniyang dalawang anak,
si Manases at si Ephraim. 2 At may nagsaysay kay Jacob,
at nagsabi, Narito, pinaparituhan ka ng anak mong si Jose:
at si Israel ay nagpakalakas at umupo sa higaan. 3 At
sinabi ni Jacob kay Jose, Ang Dios na Makapangyarihan
sa lahat ay napakita sa akin sa Luz sa lupain ng Canaan,
at binasbasan ako. 4 At sinabi sa akin, Narito, palalaguin
kita, at pararamihin kita, at gagawin kitang isang kapisanan
ng mga bayan; at aking ibibigay ang lupaing ito sa iyong
lahi pagkamatay mo, na pinakaari magpakailan man. 5 At
ang iyo ngang dalawang anak na ipinanganak sa iyo sa
lupain ng Egipto bago ako naparito sa iyo sa Egipto, ay akin;

si Ephraim at si Manases, gaya ni Ruben at ni Simeon ay
magiging akin. 6 At ang iyong mga anak, na iyong mga
naging anak na sumunod sa kanila ay magiging iyo; sila'y
tatawagin ayon sa pangalan ng kanilang mga kapatid sa
kanilang mana. 7 At tungkol sa akin, nang ako'y dumating
mula sa Padan, si Raquel ay namatay sa akin sa lupain ng
Canaan sa daan, nang kulang pa ng kaunti upang dumating
sa Ephrata: at aking inilibing siya roon sa daan ng Ephrata
(na siya ring Bethlehem). 8 At nakita ni Israel ang mga
anak ni Jose, at sinabi, Sino sino ito? 9 At sinabi ni Jose
sa kaniyang ama, Sila'y aking mga anak, na silang mga
ibinigay ng Dios sa akin dito. At kaniyang sinabi, Isinasamo
ko sa iyo, na iyong dalhin sila rito sa akin, at sila'y aking
babasbasan. 10 Ang mga mata nga ni Israel ay malabo na
dahil sa katandaan, na ano pa't hindi na siya makakita. At
kaniyang inilapit sila sa kaniya; at sila'y kaniyang hinagkan,
at niyakap. 11 At sinabi ni Israel kay Jose, Hindi ko akalaing
makita ang iyong mukha: at, narito, ipinakita sa akin ng Dios
pati ng iyong binhi. 12 At sila'y pinagkuha ni Jose sa pagitan
ng kaniyang mga tuhod; at siya'y nagpatirapa sa lupa. 13
At kapuwa dinala ni Jose, si Ephraim sa kaniyang kanang
kamay, sa dakong kaliwang kamay ni Israel, at si Manases
sa kaniyang kaliwang kamay, sa dakong kanang kamay ni
Israel, at inilapit niya sa kaniya. 14 At iniunat ni Israel ang
kaniyang kanang kamay, at ipinatong sa ulo ni Ephraim, na
siyang bunso, at ang kaniyang kaliwang kamay ay sa ulo ni
Manases, na pinapatnubayang sadya ang kaniyang mga
kamay; sapagka't si Manases ang panganay. 15 At kaniyang
binasbasan si Jose, at sinabi, Ang Dios na sa harap niya
ay lumakad ang aking mga magulang na si Abraham at si
Isaac, ang Dios na nagpakain sa akin sa buong buhay ko
hanggang sa araw na ito, 16 Ang anghel na tumubos sa
akin sa buong kasamaan, ay siya nawang magpala sa mga
batang ito; at tawagin nawa sila sa aking pangalan, at sa
pangalan ng aking mga magulang na si Abraham at si Isaac;
at magsidami nawa silang totoo sa ibabaw ng lupa. 17 At
nang makita ni Jose na ipinatong ng kaniyang ama ang
kaniyang kanang kamay sa ulo ni Ephraim, ay minasama
niya; at itinaas niya ang kamay ng kaniyang ama, upang
ilipat sa ulo ni Manases mula sa ulo ni Ephraim. 18 At sinabi
ni Jose sa kaniyang ama, Hindi ganyan, ama ko: sapagka't
ito ang panganay; ipatong mo ang iyong kanang kamay sa
kaniyang ulo. 19 At tumanggi ang kaniyang ama, at sinabi,
Talastas ko, anak ko, talastas ko; siya man ay magiging
isang bayan, at siya man ay magiging dakila: gayon ma'y
ang kaniyang kapatid na bata ay magiging lalong dakila
kay sa kaniya, at ang kaniyang binhi ay magiging isang
makapal na bansa. 20 At kaniyang binasbasan sila ng araw
na yaon, na sinasabi Sa iyo magbabasbas ang Israel, na
magsasabi, Gawin ka nawa ng Dios na gaya ni Ephraim
at gaya ni Manases, at kaniyang ipinagpauna si Ephraim
bago si Manases. 21 At sinabi ni Israel kay Jose, Narito,
ako'y namamatay: nguni't ang Dios ay sasainyo, at dadalhin
kayo uli sa lupain ng inyong mga magulang. 22 Bukod dito'y
binigyan kita ng isang bahaging higit kay sa iyong mga
kapatid, na aking kinuha ng aking tabak at ng aking busog
sa kamay ng Amorrheo.

**49** At tinawag ni Jacob ang kaniyang mga anak, at sinabi,
Magpipisan kayo, upang maisaysay ko sa inyo ang
mangyayari sa inyo sa mga huling araw. 2 Magpipisan kayo
at kayo'y makinig, kayong mga anak ni Jacob; At inyong
pakinggan si Israel na inyong ama. 3 Ruben, ikaw ang aking
panganay, ang aking kapangyarihan, at siyang pasimula
ng aking kalakasan; Siyang kasakdalan ng kamahalan, at
siyang kasakdalan ng kapangyarihan. 4 Kumukulong parang
tubig na umaawas, hindi ka magtataglay ng kasakdalan,
Sapagka't, sumampa ka sa higaan ng iyong ama: Hinamak
mo nga; sumampa sa aking higaan. 5 Si Simeon at si
Levi ay magkapatid; Mga almas na marahas ang kanilang
mga tabak. 6 Oh kaluluwa ko, huwag kang pumasok sa
kanilang payo; Sa kanilang kapisanan, ay huwag kang
makiisa, kaluwalhatian ko; Sapagka't sa kanilang galit ay
pumatay ng tao: At sa kanilang sariling kalooban ay pumutol
ng hita ng baka. 7 Sumpain ang kanilang galit, sapagka't
mabangis; At ang kanilang pagiinit, sapagka't mabagsik.
Aking babahagihin sila sa Jacob. At aking pangangalatin sila
sa Israel. 8 Juda, ikaw ay pupurihin ng iyong mga kapatid:
Ang iyong kamay ay magpapahinga sa leeg ng iyong mga
kaaway: Ang mga anak ng iyong ama ay yuyukod sa harap
mo. 9 Si Juda'y isang anak ng leon, Mula sa panghuhuli,
anak ko umahon ka: Siya'y yumuko, siya'y lumugmok na
parang leon; At parang isang leong babae; sinong gigising sa
kaniya? 10 Ang setro ay hindi mahihiwalay sa Juda, Ni ang
tungkod ng pagkapuno sa pagitan ng kaniyang mga paa,
Hanggang sa ang Shiloh ay dumating; At sa kaniya tatalima
ang mga bansa. 11 Naitatali ang kaniyang batang asno sa
puno ng ubas. At ang guya ng kaniyang asno sa puno ng
piling ubas; Nilabhan niya ang kaniyang suot sa alak, At ang
kaniyang damit sa katas ng ubas. 12 Ang kaniyang mga
mata ay mamumula sa alak, At ang kaniyang mga ngipin ay
mamumuti sa gatas. 13 Si Zabulon ay tatahan sa daongan
ng dagat: At siya'y magiging daongan ng mga sasakyan;
At ang kaniyang hangganan ay magiging hanggang Sidon.
14 Si Issachar ay isang malakas na asno, Na lumulugmok
sa gitna ng mga tupahan: 15 At nakakita siya ng dakong
pahingahang mabuti, At ng lupang kaayaaya; At kaniyang
iniyukod ang kaniyang balikat upang pumasan, At naging
aliping mangaatag. 16 Si Dan ay hahatol sa kaniyang bayan,

Gaya ng isa sa angkan ni Israel. 17 Si Dan ay magiging
ahas sa daan, At ulupong sa landas, Na nangangagat ng
mga sakong ng kabayo, Na ano pa't nahuhulog sa likuran
ang sakay niyaon. 18 Aking hinintay ang iyong pagliligtas,
Oh Panginoon. 19 Si Gad, ay hahabulin ng isang pulutong:
Nguni't siya ang hahabol sa kanila. 20 Hinggil kay Aser,
ay lulusog ang tinapay niya, At gagawa ng masasarap na
pagkain. 21 Si Nephtali ay isang usang babaing kawala:
Siya'y nagbabadya ng maririkit na pananalita. 22 Si Jose
ay sangang mabunga, Sangang mabunga na nasa tabi
ng bukal; Ang kaniyang mga sanga'y gumagapang sa
pader. 23 Pinamanglaw siya ng mga mamamana, At pinana
siya, at inusig siya: 24 Nguni't ang kaniyang busog ay
nanahan sa kalakasan, At pinalakas ang mga bisig ng
kaniyang mga kamay, Sa pamamagitan ng mga kamay
ng Makapangyarihan ni Jacob, (Na siyang pinagmulan ng
pastor, ang bato ng Israel), 25 Sa pamamagitan nga ng Dios
ng iyong ama, na siyang tutulong sa iyo, At sa pamamagitan
ng Makapangyarihan sa lahat, na siyang magpapala sa
iyo, Ng pagpapala ng langit sa itaas, Pagpapala ng mga
kalaliman na nalalagay sa ibaba, Pagpapala ng mga dibdib
at ng bahay-bata. 26 Ang mga basbas ng iyong ama na
humigit sa basbas ng aking mga kanunuan Hanggang sa
wakas ng mga burol na walang hanggan: Mangapapasa
ulo ni Jose, At sa tuktok ng ulo niya na bukod tangi sa
kaniyang mga kapatid. 27 Si Benjamin ay isang lobo na
mangaagaw: Sa kinaumagaha'y kaniyang kakanin ang huli,
At sa kinahapunan ay kaniyang babahagihin ang samsam.
28 Ang lahat ng ito ang labing dalawang angkan ng Israel: at
ito ang sinalita ng ama nila sa kanila, at sila'y binasbasan;
bawa't isa'y binasbasan ng ayon sa basbas sa kanikaniya,
29 At kaniyang ipinagbilin sa kanila, at sinabi sa kanila: Ako'y
malalakip sa aking bayan: ilibing ninyo ako sa kasamahan
ng aking mga magulang sa yungib na nasa parang ni Ephron
na Hetheo, 30 Sa yungib na nasa parang ng Machpela, na
nasa tapat ng Mamre, sa lupain ng Canaan, na binili ni
Abraham, na kalakip ng parang kay Ephron na Hetheo, na
pinakaaring libingan: 31 Na doon nila inilibing si Abraham at
si Sara na kaniyang asawa; na doon nila inilibing si Isaac at
si Rebeca na kaniyang asawa; at doon ko inilibing si Lea: 32
Sa parang at sa yungib na nandoon na binili sa mga anak
ni Heth. 33 At nang matapos si Jacob na makapagbilin sa
kaniyang mga anak, ay kaniyang itinaas at itinikom ang
kaniyang mga paa sa higaan, at nalagot ang hininga, at
nalakip sa kaniyang bayan.

**50** At yumakap si Jose sa mukha ng kaniyang ama, at
umiyak sa ibabaw niya, at hinalikan niya siya. 2 At
iniutos ni Jose sa kaniyang mga lingkod na manggagamot, na
embalsamahin ang kaniyang ama: at inembalsama ng mga
manggagamot si Israel. 3 At apat na pung araw ang ginanap
sa kaniya; sapagka't gayon ginaganap ang mga araw ng
pagembalsama; at tinangisan siya ng mga Egipcio ng pitong
pung araw. 4 At nang makaraan ang mga araw ng pagiyak
sa kaniya ay nagsalita si Jose sa sangbahayan ni Faraon,
na sinasabi, Kung ngayo'y nakasumpong ako ng biyaya sa
inyong mga mata ay salitain ninyo, isinasamo ko sa inyo, sa
mga pakinig ni Faraon, na inyong sabihin, 5 Pinanumpa
ako ng ama ko, na sinasabi, Narito, ako'y namamatay: sa
libingan na aking hinukay sa akin sa lupain ng Canaan, ay
doon mo ako ililibing. Ngayon nga'y pahintulutan ninyo akong
umahon, isinasamo ko sa inyo, at aking ilibing ang aking
ama, at babalik uli ako. 6 At sinabi ni Faraon, Umahon ka, at
ilibing mo ang iyong ama, ayon sa kaniyang ipinasumpa
sa iyo. 7 At umahon si Jose upang ilibing ang kaniyang
ama: at kasama niyang umahon ang lahat ng lingkod ni
Faraon, ang mga matanda sa kaniyang sangbahayan, at
ang lahat na matanda sa lupain ng Egipto; 8 At ang buong
sangbahayan ni Jose, at ang kaniyang mga kapatid, at
ang sangbahayan ng kaniyang ama: ang kanila lamang
mga bata, at ang kanilang mga kawan, at ang kanilang
bakahan, ang iniwan nila sa lupain ng Gosen. 9 At umahong
kasama niya ang mga karro at mga nangangabayo: at yao'y
naging totoong malaking pulutong. 10 At sila'y dumating sa
giikan ni Atad, na nasa dako pa roon ng Jordan, at doo'y
nanaghoy sila ng malakas at kapaitpait na panaghoy: at
kaniyang pinanangisan ang kaniyang ama na pitong araw.
11 At nang makita ng mga nananahan sa lupaing yaon, ng
mga Cananeo, ang panaghoy sa giikan ni Atad, ay kanilang
sinabi, Ito'y isang kahambalhambal na panaghoy ng mga
Egipcio kaya't ang pangalang itinawag ay Abel-mizraim,
nasa dako pa roon ng Jordan. 12 At ginawa sa kaniya
ng kaniyang mga anak ang ayon sa iniutos sa kanila. 13
Sapagka't dinala siya ng kaniyang mga anak sa lupain ng
Canaan, at inilibing siya sa yungib ng Machpela, na binili ni
Abraham sangpu ng parang na pinakaaring libingan, kay
Ephron na Hetheo, sa tapat ng Mamre. 14 At bumalik si
Jose sa Egipto, siya, at ang kaniyang mga kapatid, at ang
lahat na umahong kasama niya sa paglilibing sa kaniyang
ama, pagkatapos na mailibing ang kaniyang ama. 15 At
nang makita ng mga kapatid ni Jose, na ang kanilang ama'y
namatay, ay kanilang sinabi, Marahil si Jose ay mapopoot sa
atin, at lubos na gagantihin sa atin ang buong kasamaan
na ating ginawa sa kaniya. 16 At ipinasabi nila kay Jose,
Iniutos ng iyong ama bago namatay, na sinasabi, 17 Ganito
sasabihin ninyo kay Jose. Ipatawad mo, isinasamo ko sa iyo
ngayon, ang pagsalangsang ng iyong mga kapatid, at ang
kanilang kasalanan; at ngayon, ay aming isinasamo sa iyo,
na ipatawad mo ang mga pagsalangsang ng mga lingkod

ng Dios ng iyong ama. At si Jose ay umiyak ng kanilang
salitain sa kaniya. 18 At naparoon ang kaniyang mga kapatid
naman at nagpatirapa sa harap niya; at kanilang sinabi,
Narito, kaming iyong mga lingkod. 19 At sinabi ni Jose sa
kanila, Huwag kayong matakot, sapagka't nasa kalagayan
ba ako ng Dios? 20 At tungkol sa inyo ay inyong ipinalagay
na kasamaan laban sa akin; nguni't ipinalagay ng Dios na
kabutihan upang mangyari ang gaya sa araw na ito, na
iligtas ang buhay ng maraming tao. 21 Kaya nga huwag
kayong matakot: aking pakakanin kayo at ang inyong mga
bata. At kaniyang inaliw sila at kaniyang pinagsalitaan sila na
may kagandahang loob. 22 At si Jose ay tumahan sa Egipto,
siya at ang sangbahayan ng kaniyang ama: at si Jose ay
nabuhay na isang daan at sangpung taon. 23 At nakita ni
Jose ang mga anak ni Ephraim hanggang sa ikatlong salin
ng lahi; ang mga anak man ni Machir na anak ni Manases ay
ipinanganak sa mga tuhod ni Jose. 24 At sinabi ni Jose sa
kaniyang mga kapatid: Ako'y namamatay: nguni't tunay na
dadalawin kayo ng Dios, at dadalhin kayo mula sa lupaing
ito hanggang sa lupain na kaniyang isinumpa kay Abraham,
kay Isaac at kay Jacob. 25 At ipinasumpa ni Jose sa mga
anak ni Israel, na sinasabi, Tunay na dadalawin kayo ng
Dios, at inyong iaahon ang aking mga buto mula rito. 26 Sa
gayo'y namatay si Jose na may isang daan at sangpung
taon: at kanilang inembalsama siya, at siya'y inilagay sa
isang kabaong sa Egipto.

# Exodo

1 Ito nga ang mga pangalan ng mga anak ni Israel, na
nagsipasok sa Egipto: (bawa't lalake at ang kani-kaniyang
sangbahayan ay sumama kay Jacob.) 2 Si Ruben, si Simeon,
si Levi, at si Juda; 3 Si Issachar, si Zabulon at si Benjamin;
4 Si Dan at si Nephtali, si Gad at si Aser. 5 At lahat ng
tao na lumabas sa balakang ni Jacob ay pitong pung tao:
at si Jose ay nasa Egipto na. 6 At namatay si Jose, at
ang lahat niyang kapatid at ang buong lahing yaon. 7 At
ang mga anak ni Israel ay lumago, at kumapal na maigi at
dumami, at naging totoong makapangyarihan; at ang lupain
ay napuno nila. 8 May bumangon ngang isang bagong
hari sa Egipto, na hindi kilala si Jose. 9 At sinabi niya sa
kaniyang bayan, Narito, ang bayan ng mga anak ni Israel
ay higit at lalong malakas kay sa atin: 10 Hayo't tayo'y
magpakadunong sa kanila; baka sila'y dumami, at mangyari,
na, pagka nagkadigma, ay makisanib pati sila sa ating mga
kaaway, at lumaban sa atin, at magsilayas sa lupain. 11
Kaya't nangaglagay sila ng mga tagapagpaatag, upang
dalamhatiin sila sa atang sa kanila. At kanilang ipinagtayo si
Faraon ng mga bayan na kamaligan, na dili iba't ang Phithom
at Raamses. 12 Datapuwa't habang dinadalamhati nila sila,
ay lalong dumadami at lalong kumakapal. At kinapootan
nila ang mga anak ni Israel. 13 At pinapaglingkod na may
kabagsikan ng mga Egipcio ang mga anak ni Israel: 14 At
kanilang pinapamuhay sila ng masaklap sa pamamagitan
ng mahirap na paglilingkod, sa argamasa at sa laryo, at
sa lahat ng sarisaring paglilingkod sa bukid, at sa lahat
ng paglilingkod nila na ipinapaglingkod sa kanila, na may
kabagsikan. 15 At ang hari sa Egipto ay nagsalita sa mga
hilot na Hebrea, na ang pangalan ng isa ay Siphra, at ang
pangalan ng isa ay Phua: 16 At kaniyang sinabi, Paghilot
ninyo sa mga babaing Hebrea, at pagtingin ninyo sa kanila
sa dakong panganganakan; kung lalake, ay papatayin nga
ninyo: datapuwa't kung babae ay inyong bubuhayin. 17
Datapuwa't ang mga hilot ay nangatakot sa Dios at hindi
ginawa ang gaya ng iniutos sa kanila ng hari sa Egipto,
kundi iniligtas na buhay ang mga batang lalake. 18 At
ipinatawag ng hari sa Egipto ang mga hilot, at sinabi sa
kanila, Bakit ninyo ginawa ang bagay na ito, at inyong
iniligtas na buhay ang mga batang lalake? 19 At sinabi ng
mga hilot kay Faraon, Sapagka't ang mga babaing Hebrea
ay hindi gaya ng mga babaing Egipcia; sapagka't sila'y
maliliksi, at nakapanganak na, bago dumating ang hilot sa
kanila. 20 At ang Dios ay gumawa ng mabuti sa mga hilot: at
ang bayan ay kumapal, at naging totoong makapangyarihan.
21 At nangyari, na sapagka't ang mga hilot ay natakot sa
Dios, ay iginawa niya sila ng mga sangbahayan. 22 At iniutos
ni Faraon sa kaniyang buong bayan, na sinasabi, Itatapon
ninyo sa ilog bawa't lalake na ipanganak, at bawa't babae ay
ililigtas ninyong buhay.

2 At isang lalake sa lipi ni Levi ay yumaon, at nagasawa
sa isang anak na babae ng lipi ni Levi. 2 At ang babae
ay naglihi, at nanganak ng isang lalake: at nang kaniyang
makita na maganda, ay kaniyang itinagong tatlong buwan.
3 At nang hindi na niya maitatagong malaon ay ikinuha
niya ng isang takbang yantok, at pinahiran niya ng betun
at ng sahing; at kaniyang isinilid ang bata roon, at inilagay
sa katalahiban sa tabi ng ilog. 4 At tumayo sa malayo
ang kaniyang kapatid na babae, upang maalaman ang
mangyayari sa bata. 5 At ang anak na babae ni Faraon
ay lumusong upang maligo sa ilog; at nagsipaglakad ang
kaniyang mga abay sa tabi ng ilog; at kaniyang nakita ang
takba sa katalahiban, at ipinakuha sa kaniyang abay. 6 At
kaniyang binuksan, at nakita niya ang bata: at narito, ang
sanggol ay umiyak. At kaniyang kinaawaan at sinabi, Ito'y isa
sa mga anak ng mga Hebreo. 7 Nang magkagayo'y sinabi
ng kaniyang kapatid na babae sa anak ni Faraon, Yayaon
ba ako at itatawag kita ng isang sisiwa sa mga babaing
Hebrea, na makapagalaga sa iyo ng batang ito? 8 At sinabi
sa kaniya ng anak ni Faraon, Yumaon ka. At ang dalaga ay
yumaon, at tinawag ang ina ng bata. 9 At sinabi ng anak ni
Faraon, sa kaniya, Dalhin mo ang batang ito, at alagaan mo
sa akin, at bibigyan kita ng iyong kaupahan. At kinuha ng
babae ang bata, at inalagaan. 10 At ang bata ay lumaki,
at kaniyang dinala sa anak ni Faraon, at siya'y kaniyang
inaring anak. At kaniyang pinanganlang Moises, at sinabi,
Sapagka't aking sinagip siya sa tubig. 11 At nangyari nang
mga araw na yaon, ng malaki na si Moises, na kaniyang
nilabas ang kaniyang mga kapatid, at minasdan ang atang
sa kanila: at kaniyang nakita ang isang Egipcio, na nananakit
ng isang Hebreo, na isa sa kaniyang mga kapatid. 12 At
siya'y nagmasid sa magkabikabilang dako, at nang siya'y
walang makitang tao, ay kaniyang pinatay ang Egipcio at
kaniyang tinabunan sa buhanginan. 13 At siya'y lumabas
ng ikalawang araw, at, narito, na may dalawang lalaking
Hebreo, na nagbababag: at kaniyang sinabi roon sa umaapi,
Bakit mo sinasaktan ang iyong kasama? 14 At sinabi niya,
Sinong naglagay sa iyong pangulo at hukom sa amin?
Iniisip mo bang patayin ako, na gaya ng pagpatay mo sa
Egipcio? At natakot si Moises, at nagsabi, Tunay na ang
bagay na yaon ay nahayag. 15 Nang mabalitaan nga ni
Faraon ang bagay na ito, ay minithi niyang patayin si Moises.
Datapuwa't si Moises ay tumakas sa harapan ni Faraon,
at tumahan sa lupain ng Madian: at siya'y umupo sa tabi
ng isang balon. 16 Ang saserdote nga sa Madian ay may
pitong anak na babae: at sila'y naparoon at umigib ng tubig,

at kanilang pinuno ang mga inuman upang painumin ang
kawan ng kanilang ama. 17 At ang mga pastor ay dumating,
at sila'y pinalayas: datapuwa't si Moises ay tumayo, at sila'y
tinulungan, at pinainom ang kanilang kawan. 18 At nang
sila'y dumating kay Raquel na kanilang ama, ay sinabi niya,
Bakit kayo tumindig na madali ngayon? 19 At kanilang sinabi,
Ipinagsanggalang kami ng isang Egipcio sa kamay ng mga
pastor, at saka iniigib pa niya kami ng tubig, at pinainom
ang kawan. 20 At kaniyang sinabi sa mga anak niya, At
saan naroon siya? bakit ninyo iniwan ang lalaking yaon?
tawagin ninyo siya upang makakain ng tinapay. 21 At si
Moises ay natuwa na makisuno sa lalaking yaon: at kaniyang
pinapag-asawa kay Moises si Zephora na kaniyang anak.
22 At nanganak ng isang lalake, at kaniyang pinanganlan
ng Gersom; sapagka't kaniyang sinabi, Ako'y nakipamayan
sa ibang bayan. 23 At nangyari pagkaraan ng maraming
araw na ang hari sa Egipto ay namatay; at ang mga anak ni
Israel ay nagbuntong hininga dahil sa pagkaalipin, at sila'y
dumaing at ang kanilang daing ay umabot sa Dios dahil
sa pagkaalipin. 24 At dininig ng Dios ang kanilang hibik,
at naalaala ng Dios ang kaniyang tipan kay Abraham, kay
Isaac, at kay Jacob, 25 At nilingap ng Dios ang mga anak ni
Israel, at sila'y kinilala ng Dios.

3 Inalagaan nga ni Moises ang kawan ni Jethro na
kaniyang biyanan, na saserdote sa Madian: at kaniyang
pinatnubayan ang kawan sa likuran ng ilang, at napasa
bundok ng Dios, sa Horeb. 2 At ang anghel ng Panginoon
ay napakita sa kaniya, sa isang ningas ng apoy na mula sa
gitna ng isang mababang punong kahoy; at siya'y nagmasid,
at, narito, ang kahoy ay nagniningas sa apoy, at ang kahoy
ay hindi natutupok. 3 At sinabi ni Moises, Ako'y liliko ngayon,
at titingnan ko itong dakilang panoorin, kung bakit ang kahoy
ay hindi natutupok. 4 At nang makita ng Panginoon na
panonoorin niya, ay tinawag siya ng Dios mula sa gitna
ng mababang punong kahoy, at sinabi, Moises, Moises. At
kaniyang sinabi, Narito ako. 5 At sinabi, Huwag kang lumapit
dito, hubarin mo ang iyong panyapak sa iyong mga paa,
sapagka't ang dakong iyong kinatatayuan ay banal na lupa.
6 Bukod dito ay sinabi, Ako ang Dios ng iyong ama ang Dios
ni Abraham, ang Dios ni Isaac, at ang Dios ni Jacob. At si
Moises nga ay nagtakip ng kaniyang mukha; sapagka't siya'y
natakot na tumingin sa Dios. 7 At sinabi ng Panginoon, Akin
ngang nakita ang kadalamhatian ng aking bayan na nasa
Egipto, at aking dininig ang kanilang daing dahil sa mga
tagapagpaatag sa kanila; sapagka't talastas ko ang kanilang
kapanglawan. 8 At ako'y bumaba upang iligtas sila sa kamay
ng mga Egipcio at upang sila'y isampa sa isang mabuting
lupain at malawak, mula sa lupaing yaon, sa isang lupaing
binubukalan ng gatas at pulot sa dako ng Cananeo, at ng
Hetheo, at ng Amorrheo, at ng Pherezeo, at ng Heveo at ng
Jebuseo. 9 At ngayon narito, ang daing ng mga anak ni
Israel ay umabot sa akin; saka aking nakita ang kapighatian
na ipinipighati sa kanila ng mga Egipcio. 10 Halika nga
ngayon, at ikaw ay aking susuguin kay Faraon, upang iyong
ilabas sa Egipto ang aking bayan na mga anak ni Israel.
11 At sinabi ni Moises sa Dios, Sino ako, upang pumaroon
kay Faraon, at upang ilabas sa Egipto ang mga anak ni
Israel? 12 At kaniyang sinabi, Tunay na ako'y sasaiyo; at ito'y
magiging tanda sa iyo, na ikaw ay aking sinugo: pagka iyong
nailabas na sa Egipto ang bayan ay maglilingkod kayo sa
Dios sa bundok na ito. 13 At sinabi ni Moises sa Dios, Narito,
pagdating ko sa mga anak ni Israel, at sasabihin ko sa
kanila, Sinugo ako sa inyo ng Dios ng inyong mga magulang;
at sasabihin nila sa akin: Ano ang kaniyang pangalan?
anong sasabihin ko sa kanila? 14 At sinabi ng Dios kay
Moises, AKO YAONG AKO NGA; at kaniyang sinabi, Ganito
ang sasabihin mo sa mga anak ni Israel, Sinugo ako sa inyo
ni AKO NGA. 15 At sinabi pa ng Dios kay Moises, Ganito
ang sasabihin mo sa mga anak ni Israel, Sinugo ako sa
inyo ng Panginoon, ng Dios ng inyong mga magulang, ng
Dios ni Abraham, ng Dios ni Isaac, at ng Dios ni Jacob:
ito ang aking pangalan magpakailan man, at ito ang aking
pinakaalaala sa lahat ng mga lahi. 16 Yumaon ka at tipunin
mo ang mga matanda sa Israel, at sabihin mo sa kanila, Ang
Panginoon, ang Dios ng inyong mga magulang, ang Dios
ni Abraham, ni Isaac, at ni Jacob; ay napakita sa akin, na
nagsasabi, tunay na kayo'y aking dinalaw, at aking nakita
ang ginagawa sa inyo sa Egipto. 17 At aking sinabi, Aking
aalisin kayo sa kapighatian sa Egipto at dadalhin ko kayo,
sa lupain ng Cananeo, at ng Hetheo, at ng Amorrheo, at ng
Pherezeo, at ng Heveo, at ng Jebuseo, sa isang lupaing
binubukalan ng gatas at pulot. 18 At kanilang didinggin ang
iyong tinig: at ikaw ay paroroon, ikaw at ang mga matanda
sa Israel, sa hari sa Egipto, at inyong sasabihin sa kaniya,
Ang Panginoon, ang Dios ng mga Hebreo, ay nakipagtagpo
sa amin: at ngayo'y pahintulutan mo kami na maglakbay,
na tatlong araw sa ilang, upang kami ay makapaghain sa
Panginoon naming Dios. 19 At talastas ko, na hindi kayo
pababayaang yumaon ng hari sa Egipto, kung hindi sa
pamamagitan ng isang makapangyarihang kamay. 20 At
aking iuunat ang aking kamay, at sasaktan ko ang Egipto
ng aking buong kababalaghan na aking gagawin sa gitna
niyaon at pagkatapos niyaon ay pahihintulutan niya kayong
yumaon. 21 At pagkakalooban ko ang bayang ito ng biyaya
sa paningin ng mga Egipcio: ay mangyayari, na pagyaon
ninyo, ay hindi kayo yayaong walang dala: 22 Kundi bawa't
babae ay hihingi sa kaniyang kapuwa, at sa tumatahan sa
kaniyang bahay, ng mga hiyas na pilak, at mga hiyas na

ginto at mga damit: at inyong ipagsusuot sa inyong mga anak na lalake at babae; at inyong sasamsaman ang mga Egipcio.

**4** At si Moises ay sumagot at nagsabi, Datapuwa't, narito, hindi nila paniniwalaan ako, ni didinggin ang aking tinig sapagka't kanilang sasabihin, Ang Panginoon ay hindi napakita sa iyo. **2** At sinabi sa kaniya ng Panginoon, Ano iyang nasa iyong kamay? At kaniyang sinabi, Isang tungkod. **3** At kaniyang sinabi, Ihagis mo sa lupa. At kaniyang inihagis sa lupa, at naging isang ahas; at si Moises ay tumakas sa harap ng ahas. **4** At sinabi ng Panginoon kay Moises, Iunat mo ang iyong kamay, at sunggaban mo sa buntot: (at kaniyang iniunat ang kaniyang kamay, at kaniyang hinawakan, at naging isang tungkod sa kaniyang kamay). **5** Upang sila'y maniwala, na ang Dios ng iyong mga magulang, ang Dios ni Abraham, ang Dios ni Isaac, at ang Dios ni Jacob ay napakita sa iyo. **6** At sinabi pa sa kaniya ng Panginoon, Ipasok mo ang iyong kamay, sa iyong sinapupunan. At kaniyang ipinasok ang kamay niya sa kaniyang sinapupunan: at nang kaniyang ilabas, ay narito, ang kaniyang kamay ay may ketong, na maputing parang niebe. **7** At kaniyang sinabi, Ipasok mo uli ang iyong kamay sa iyong sinapupunan. (At kaniyang ipinasok uli ang kamay niya sa kaniyang sinapupunan, at nang kaniyang ilabas sa kaniyang sinapupunan, ay narito, nagsauling gaya ng kaniyang dating laman). **8** At mangyayari, na kung sila'y hindi maniniwala sa iyo, ni makikinig sa tinig ng unang tanda, ay kanilang paniniwalaan ang tinig ng huling tanda. **9** At mangyayari na kung sila'y hindi maniniwala sa dalawang tandang ito, ni hindi makikinig sa iyong tinig, ay kukuha ka ng tubig sa ilog, at iyong ibubuhos sa tuyong lupa, at ang tubig na iyong kukunin sa ilog ay magiging dugo sa tuyong lupa. **10** At sinabi ni Moises sa Panginoon, Oh Panginoon, ako'y hindi marikit mangusap, kahit ng panahong nakaraan, kahit mula ng magsalita ka sa iyong lingkod: sapagka't ako'y kimi sa pangungusap at umid sa dila. **11** At sinabi sa kaniya ng Panginoon, Sinong gumawa ng bibig ng tao? o sinong gumawa ng pipi, o bingi, o may paningin, o bulag sa tao? Hindi ba akong Panginoon? **12** Ngayon nga'y yumaon ka, at ako'y sasaiyong bibig, at ituturo ko sa iyo kung ano ang iyong sasalitain. **13** At kaniyang sinabi, Oh Panginoon, magsugo ka, isinasamo ko sa iyo, sa pamamagitan ng kamay niyaong iyong susuguin. **14** At ang galit ng Panginoon ay nagningas laban kay Moises, at kaniyang sinabi, Wala ba si Aarong kapatid mo na Levita? Nalalaman kong siya'y makapagsasalitang mabuti. At saka, narito, siya'y lumalabas upang salubungin ka; at pagkakita niya sa iyo, ay matutuwa sa kaniyang puso. **15** At ikaw ay magsasalita sa kaniya, at iyong isasabibig niya ang mga salita; at ako'y sasaiyong bibig at sasakaniyang bibig, at aking ituturo sa inyo, kung ano ang inyong gagawin. **16** At siya ang makikipagusap sa lagay mo sa bayan: at mangyayari na siya'y magiging sa iyo'y bibig, at ikaw ay magiging sa kaniya'y parang Dios. **17** At tatangnan mo sa iyong kamay ang tungkod na ito, na iyong ipaggagawa ng mga tanda. **18** At si Moises ay yumaon, at bumalik kay Jethro na kaniyang biyanan, at nagsabi sa kaniya, Pahintulutan mo akong yumaon, isinasamo ko sa iyo, at bumalik sa aking mga kapatid na nasa Egipto, at titingnan ko, kung sila'y nabubuhay pa. At sinabi ni Jethro kay Moises, Yumaon kang payapa. **19** At sinabi ng Panginoon kay Moises sa Madian, Yumaon ka, bumalik ka sa Egipto: sapagka't namatay na ang lahat ng tao, na nagmimithi ng iyong buhay. **20** At ipinagsama ni Moises ang kaniyang asawa at ang kaniyang mga anak, at kaniyang ipinagsasakay sa isang asno, at siya'y bumalik sa lupain ng Egipto: at tinangnan ni Moises ang tungkod ng Dios sa kaniyang kamay. **21** At sinabi ng Panginoon kay Moises, Pagkabalik mo sa Egipto, iyong gawin nga sa harap ni Faraon ang lahat ng kababalaghan na aking itiniwala sa iyong kamay: datapuwa't aking papagmamatigasin ang kaniyang puso, at hindi niya tutulutang yumaon ang bayan. **22** At iyong sasabihin kay Faraon, Ganito ang sabi ng Panginoon, Ang Israel ay aking anak, aking panganay: **23** At aking sinabi sa iyo, Pahintulutan mong ang aking anak ay yumaon, upang siya'y makapaglingkod sa akin; at ayaw mo siyang payaunin, narito, aking papatayin ang iyong anak, ang iyong panganay. **24** At nangyari sa daan, sa dakong panuluyanan, na sinalubong ng Panginoon siya, at pinagsikapang patayin siya. **25** Nang magkagayo'y sumunggab si Sephora ng isang batong matalim, at pinutol ang balat ng masama ng kaniyang anak, at inihagis sa kaniyang paanan; at kaniyang sinabi, Tunay na ikaw sa akin ay isang asawang mabagsik. **26** Sa gayo'y kaniyang binitiwan siya. Nang magkagayo'y kaniyang sinabi, Isang asawa kang mabagsik, dahil sa pagtutuli. **27** At sinabi ng Panginoon kay Aaron, Pumaroon ka sa ilang na salubungin mo si Moises. At siya'y pumaroon, at nasalubong niya sa bundok ng Dios, at kaniyang hinagkan. **28** At isinaysay ni Moises kay Aaron ang lahat ng salita ng Panginoon, na ipinagbilin sa kaniyang sabihin, at ang lahat ng tandang ipinagbilin sa kaniyang gawin. **29** At si Moises at si Aaron ay naparoon at tinipon ang lahat ng matanda sa mga anak ni Israel: **30** At sinalita ni Aaron ang lahat ng salita na sinalita ng Panginoon kay Moises, at ginawa ang mga tanda sa paningin ng bayan. **31** At ang bayan ay naniwala: at nang kanilang marinig na dinalaw ng Panginoon ang mga anak ni Israel, at kaniyang nakita ang kanilang kapighatian, ay iniyukod nga nila ang kanilang mga ulo at sumamba.

5 At pagkatapos nito, si Moises at si Aaron ay nagsipasok,
at sinabi kay Faraon, Ganito ang sabi ng Panginoon, ng
Dios ng Israel, Bayaan mong ang aking bayan ay yumaon
upang ipagdiwang nila ako ng isang kapistahan sa ilang. 2 At
sinabi ni Faraon, Sino ang Panginoon na aking pakikinggan
ang kaniyang tinig, upang pahintulutan kong yumaon ang
Israel? Hindi ko nakikilala ang Panginoon at saka hindi ko
pahihintulutang yumaon ang Israel. 3 At kanilang sinabi, Ang
Dios ng mga Hebreo ay nakipagtagpo sa amin; pahintulutan
mo nga kaming maglakbay na tatlong araw sa ilang, at
maghain sa Panginoon naming Dios, baka hulugan niya
kami ng salot o ng tabak. 4 At sinabi sa kanila ng hari sa
Egipto, Bakit kinakalagan ninyo, Moises at Aaron, ang bayan
sa kanilang mga gawain? pumaroon kayo sa mga atang sa
inyo. 5 At sinabi ni Faraon, Narito, ang mga tao sa lupain
ay marami na ngayon, at inyong pinapagpapahinga sila sa
mga atang sa kanila. 6 At ng araw ring yaon ay nagutos
si Faraon sa mga tagapagpaatag sa bayan at sa kanilang
mga puno, na sinasabi, 7 Huwag na ninyong bibigyan ang
bayan, ng dayami sa paggawa ng laryo, na gaya ng dati: sila
ang pumaroon at magtipon ng dayami sa ganang kanilang
sarili. 8 At ang bilang ng mga laryo, na kanilang ginagawang
dati ay siya rin ninyong iaatang sa kanila; wala kayong
babawasin: sapagka't sila'y mga pagayongayon; kaya't sila'y
dumadaing, na nagsasabi, Bayaan mo kaming yumaon at
maghain sa aming Dios. 9 Pabigatin ninyo ang gawain ng
mga lalake upang kanilang pagpagalan at huwag nilang
pakitunguhan ang mga kabulaanang salita. 10 At ang mga
tagapagpaatag sa bayan, ay nagsilabas, at kanilang sinalita
sa bayan, na sinasabi, Ganito ang sabi ni Faraon, Hindi
ko kayo bibigyan ng dayami. 11 Yumaon kayo ng inyong
sarili, kumuha kayo ng dayami kung saan kayo makakakuha:
sapagka't walang babawasin kaunti man sa inyong gawain.
12 Kaya't ang bayan ay nangalat sa buong lupain ng Egipto,
na humahanap ng pinagputulan ng trigo na panghalili sa
dayami. 13 At hinihigpitan sila ng mga tagapagpaatag, na
sinasabi, Tapusin ninyo ang inyong mga gawa, ang inyong
gawain sa araw-araw, na gaya nang mayroong kayong
dayami. 14 At ang mga pinuno sa mga anak ni Israel na
ipinaglalagay sa kanila ng mga tagapagpaatag ni Faraon, ay
nangapalo, at sa kanila'y sinabi, Bakit hindi ninyo tinapos
ang inyong gawain kahapon at ngayon, sa paggawa ng
laryo, na gaya ng dati? 15 Nang magkagayo'y ang mga
pinuno sa mga anak ni Israel ay naparoon at dumaing kay
Faraon, na nagsasabi, Bakit mo ginaganyan ang iyong mga
alipin? 16 Walang anomang dayami, na ibinibigay sa iyong
mga alipin, at kanilang sinasabi sa amin, Gumawa kayo
ng laryo: at, narito, ang iyong mga alipin ay nangapapalo;
nguni't ang sala'y nasa iyong sariling bayan. 17 Datapuwa't
kaniyang sinabi, Kayo'y mga pagayongayon, kayo'y mga
pagayongayon: kaya't inyong sinasabi, Bayaan mo kaming
yumaon at maghain sa Panginoon. 18 Kayo nga'y yumaon
ngayon at gumawa; sapagka't walang anomang dayaming
ibibigay sa inyo, at gayon ma'y inyong ibibigay ang bilang
ng mga laryo. 19 At nakita ng mga pinuno ng mga anak ni
Israel, na sila'y nasa masamang kalagayan, nang sabihin,
Walang mababawas na anoman sa inyong mga laryo sa
inyong gawain sa araw-araw. 20 At kanilang nasalubong si
Moises at si Aaron na nagsitayo sa daan, pagkapanggaling
kay Faraon: 21 At sinabi nila sa kanila, Kayo nawa'y tunghan
ng Panginoon, at hatulan; sapagka't ang aming katayuan ay
ginawa mong nakamumuhi sa mga mata ni Faraon, at sa
mga mata ng kaniyang mga lingkod, na naglagay ng tabak
sa kanilang kamay upang kami ay patayin. 22 At si Moises
ay bumalik sa Panginoon, at nagsabi, Panginoon, bakit mo
ginawan ng kasamaan ang bayang ito? bakit mo sinugo
ako? 23 Sapagka't mula nang ako'y pumaroon kay Faraon
na magsalita sa iyong pangalan, ay kaniyang ginawan ng
kasamaan ang bayang ito: at ni hindi mo man iniligtas ang
iyong bayan.

6 At sinabi ng Panginoon kay Moises, Ngayo'y iyong
makikita kung ano ang gagawin ko kay Faraon, sapagka't
sa pamamagitan ng isang malakas na kamay ay payayaunin
niya sila, at sa pamamagitan ng isang malakas na kamay
ay palalayasin niya sila sa kaniyang lupain. 2 At ang Dios
ay nagsalita kay Moises, at nagsabi sa kaniya, Ako'y si
Jehova. 3 At ako'y napakita kay Abraham, kay Isaac, at
kay Jacob na Dios na Makapangyarihan sa lahat; nguni't sa
pamamagitan ng aking pangalang Jehova, noon ay hindi
ako napakilala sa kanila. 4 At akin ding pinapagtibay ang
aking tipan sa kanila na ibibigay ko sa kanila ang lupain ng
Canaan, ang lupain ng kanilang pakikipamayan, na kanilang
pinakipamayanan. 5 At bukod dito'y aking narinig ang hibik
ng mga anak ni Israel na mga binibinbin ng mga Egipcio
sa pagkaalipin; at aking naalaala ang aking tipan. 6 Kaya't
sabihin mo sa mga anak ni Israel, Ako'y si Jehova at aking
ilalabas kayo sa ilalim ng mga atang sa mga Egipcio, at
aking hahanguin kayo sa pagkaalipin sa kanila, at aking
tutubusin kayo na may unat na kamay at may mga dakilang
kahatulan: 7 At kayo'y aking aariin na pinakabayan ko at
ako'y magiging sa inyo'y Dios, at inyong makikilala na ako'y
si Jehova ninyong Dios, na naglalabas sa inyo sa ilalim
ng mga atang sa mga Egipcio. 8 At aking dadalhin kayo
sa lupain, na siyang pinagtaasan ko ng aking kamay na
aking ibibigay kay Abraham, kay Isaac, at kay Jacob; at
aking ibibigay sa inyo na pinakamana: ako'y si Jehova. 9 At
sinalitang gayon ni Moises sa mga anak ni Israel; datapuwa't
hindi sila nakinig kay Moises, dahil sa yamot, at dahil sa

mabagsik na pagkaalipin. 10 At ang Panginoon ay nagsalita
kay Moises, na sinasabi, 11 Pumasok ka, salitain mo kay
Faraon na hari sa Egipto, na kaniyang pahintulutang umalis
sa lupain niya ang mga anak ni Israel. 12 At si Moises ay
nagsalita sa harap ng Panginoon, na sinasabi, Narito ang
mga anak ni Israel ay hindi nakinig sa akin; paano ngang si
Faraon ay makikinig sa akin, na ako'y may mga labing di
tuli? 13 At ang Panginoon ay nagsalita kay Moises at kay
Aaron, at pinagbilinan sila hinggil sa mga anak ni Israel, at
kay Faraon, na hari sa Egipto, upang ilabas ang mga anak
ni Israel sa lupain ng Egipto. 14 Ito ang mga pangulo sa
mga angkan ng kanilang mga magulang; ang mga anak ni
Ruben na panganay ni Israel; si Hanoch, at si Phallu, at
si Hezron, at si Carmi: ito ang mga angkan ni Ruben. 15
At ang mga anak ni Simeon; si Jemuel, at si Jamin, at si
Ohad, at si Jachin, at si Zoar, at si Saul na anak sa isang
babaing taga Canaan: ito ang mga angkan ni Simeon. 16 At
ito ang mga pangalan ng mga anak ni Levi ayon sa kanilang
lahi; si Gerson, at si Coath, at si Merari; at ang mga naging
taon ng buhay ni Levi ay isang daan at tatlong pu't pitong
taon. 17 Ang mga anak ni Gerson; si Libni at si Shimi, ayon
sa kanikanilang angkan. 18 At ang mga anak ni Coath; si
Amram, at si Izhar, at si Hebron, at si Uzziel; at ang mga
naging taon ng buhay ni Coath ay isang daan at tatlong pu't
tatlong taon. 19 At ang mga anak ni Merari; si Mahali at si
Musi. Ito ang mga angkan ng mga Levita ayon sa kanilang
lahi. 20 At nagasawa si Amram kay Jochebed na kapatid na
babae ng kaniyang ama, at ipinanganak nito sa kaniya si
Aaron at si Moises: at ang mga naging taon ng buhay ni
Amram ay isang daan at tatlong pu't pitong taon. 21 At ang
mga anak ni Izhar; si Cora, at si Nepheg, at si Zithri. 22
At ang mga anak ni Uzziel; si Misael, at si Elzaphan, at si
Zithri. 23 At nagasawa si Aaron kay Elisabeth, na anak ni
Aminadab, na kapatid ni Naason; at ipinanganak nito sa
kaniya si Nadab at si Abiu, si Eleazar at si Ithamar. 24 At
ang mga anak ni Cora; si Assir, at si Elcana, at si Abiasaph;
ito ang mga angkan ng mga Corita. 25 At si Eleazar na anak
ni Aaron, ay nagasawa sa isa sa mga anak ni Phutiel; at
ipinanganak niya si Phinees. Ito ang mga pangulo sa mga
sangbahayan ng mga magulang ng mga Levita ayon sa
kanilang mga angkan. 26 Ito'y yaong si Aaron at si Moises,
na siyang pinagsabihan ng Panginoon. Ilabas ninyo ang
mga anak ni Israel sa lupaing Egipto ayon sa kanilang mga
hukbo. 27 Ito ang mga nagsalita kay Faraon na hari sa
Egipto, upang ilabas ang mga anak ni Israel sa Egipto: ang
mga ito'y si Moises at si Aaron. 28 At nangyari ng araw na
magsalita ang Panginoon kay Moises sa lupain ng Egipto, 29
Na sinalita ng Panginoon kay Moises, na sinasabi, Ako nga
ang Panginoon; salitain mo kay Faraon na hari sa Egipto,
ang lahat ng aking sinasalita sa iyo. 30 At sinabi ni Moises
sa harap ng Panginoon, Narito ako'y may mga labing di tuli,
at paanong si Faraon ay makikinig sa akin?

7 At sinabi ng Panginoon kay Moises, Tingnan mo, ginawa
kitang dios kay Faraon: at si Aaron na iyong kapatid
ay magiging iyong propeta. 2 Iyong sasalitaing lahat ang
aking iniuutos sa iyo: at sasalitain kay Faraon ni Aaron
na iyong kapatid upang kaniyang pahintulutan ang mga
anak ni Israel ay lumabas sa kaniyang lupain. 3 At aking
papagmamatigasin ang puso ni Faraon, at aking pararamihin
ang aking mga tanda at ang aking mga kababalaghan sa
lupain ng Egipto. 4 Nguni't si Faraon ay hindi makikinig
sa inyo, at aking ipapatong sa Egipto ang aking kamay
at ilalabas ko ang aking mga hukbo, ang aking bayan, na
mga anak ni Israel, sa lupaing Egipto sa pamamagitan ng
mga dakilang kahatulan. 5 At malalaman ng mga taga
Egipto na ako ang Panginoon, pagka iniunat ko sa Egipto
ang aking kamay, at pagka inilabas ko ang mga anak ni
Israel sa gitna nila. 6 At ginawang gayon ni Moises at ni
Aaron: kung paanong iniutos ng Panginoon sa kanila, ay
gayon ginawa nila. 7 At si Moises ay may walong pung
taon gulang, at si Aaron ay may walong pu't tatlong taong
gulang nang sila'y magsalita kay Faraon. 8 At nagsalita
ang Panginoon kay Moises at kay Aaron, na sinasabi, 9
Pagsasalita ni Faraon sa inyo, na sasabihin, Magpakita
kayo ng isang kababalaghan sa ganang inyo; ay iyo ngang
sasabihin kay Aaron: Kunin mo ang iyong tungkod, at ihagis
mo sa harap ni Faraon, na magiging isang ahas. 10 At si
Moises at si Aaron ay naparoon kay Faraon, at kanilang
ginawang gayon gaya ng iniutos ng Panginoon, at inihagis
ni Aaron ang kaniyang tungkod sa harap ni Faraon at sa
harap ng kaniyang mga lingkod at naging ahas. 11 Nang
magkagayo'y tinawag naman ni Faraon ang mga marunong
at ang mga manghuhula, at sila naman na mga mahiko
sa Egipto, ay gumawa sa gayon ding paraan ng kanilang
mga pag-enkanto. 12 Sapagka't inihagis ng bawa't isa ang
kanikaniyang tungkod, at nangaging ahas: nguni't nilamon
ng tungkod ni Aaron ang mga tungkod nila. 13 At ang puso
ni Faraon ay nagmatigas, at hindi niya dininig sila; gaya ng
sinalita ng Panginoon. 14 At sinabi ng Panginoon kay Moises,
Ang puso ni Farao'y nagmatigas, ayaw niyang paalisin ang
bayan. 15 Pumaroon ka kay Faraon kinaumagahan; narito,
siya'y pasasa tubig; at ikaw ay tatayo sa tabi ng ilog upang
matagpuan mo siya; at ang tungkod na naging ahas ay
iyong tatangnan sa iyong kamay. 16 At iyong sasabihin sa
kaniya, Sinugo ako sa iyo ng Panginoon, ng Dios ng mga
Hebreo, na sinasabi, Pahintulutan mong ang aking bayan
ay yumaon, upang sila'y makapaglingkod sa akin sa ilang
at, narito, hanggang ngayo'y hindi mo dininig. 17 Ganito

ang sabi ng Panginoon, Dito mo makikilala, na ako ang
Panginoon: narito, aking papaluin ng tungkod, na nasa aking
kamay, ang tubig, na nasa ilog at magiging dugo. 18 At
ang mga isda, na nasa ilog ay mamamatay, at ang ilog ay
babaho; at ang mga Egipcio ay masusuklam na uminom ng
tubig sa ilog. 19 At sinabi ng Panginoon kay Moises, Sabihin
mo kay Aaron, Kunin mo ang iyong tungkod, at iunat mo
ang iyong kamay sa tubig sa Egipto, sa kanilang mga ilog,
sa kanilang mga bangbang, at sa kanilang mga lawa at sa
lahat nilang tipunan ng tubig, upang mga maging dugo; at
magkakadugo sa buong lupain ng Egipto, maging sa mga
sisidlang kahoy at maging sa mga sisidlang bato. 20 At
ginawang gayon ni Moises at ni Aaron, gaya ng iniutos ng
Panginoon; at kaniyang itinaas ang tungkod, at pinalo ang
tubig, na nasa ilog, sa paningin ni Faraon, at sa paningin
ng kaniyang mga lingkod; at ang lahat ng tubig, na nasa
ilog ay naging dugo. 21 At ang isda, na nasa tubig ay
namatay; at ang ilog ay bumaho at ang mga Egipcio ay hindi
makainom ng tubig sa ilog; at nagkadugo sa buong lupain
ng Egipto. 22 At ang mga mahiko sa Egipto ay gumawa
ng gayon din, sa pamamagitan ng kanilang mga enkanto;
at ang puso ni Faraon ay nagmatigas, at hindi niya dininig
sila; gaya ng sinalita ng Panginoon. 23 At si Faraon ay
pumihit at umuwi sa kaniyang bahay, na hindi man lamang
nabagbag ang kaniyang puso. 24 At lahat ng mga Egipcio ay
humukay sa palibot ng ilog, upang makasumpong ng tubig
na mainom; sapagka't sila'y hindi makainom ng tubig sa ilog.
25 At naganap ang pitong araw, pagkatapos na masalot ng
Panginoon ang ilog.

**8** At sinalita ng Panginoon kay Moises, Pasukin mo si
Faraon at sabihin mo sa kaniya, Ganito ang sabi ng
Panginoon, Tulutan mong yumaon ang aking bayan, upang
ako'y mapaglingkuran nila. 2 At kung ayaw mo silang
payaunin, ay narito, aking sasalutin ng mga palaka ang
inyong buong lupain: 3 At ang ilog ay mapupuno ng mga
palaka, na magsisiahon at magsisipasok sa iyong bahay, at
sa iyong tulugan, at sa iyong higaan, at sa bahay ng iyong
mga lingkod, at sa iyong bayan, at sa iyong mga hurno,
at sa iyong mga masa ng tinapay. 4 At kapuwa aakyatin
ng mga palaka ikaw at ang iyong bayan, at lahat ng iyong
mga lingkod. 5 At sinabi ng Panginoon kay Moises, Sabihin
mo kay Aaron, Iunat mo ang iyong kamay pati ng iyong
tungkod sa mga ilog, sa mga bangbang, at sa mga lawa, at
magpaahon ka ng mga palaka sa lupain ng Egipto. 6 At
iniunat ni Aaron ang kaniyang kamay sa tubig sa Egipto;
at ang mga palaka ay nagsiahon, at tinakpan ang lupain
ng Egipto. 7 At ang mga mahiko ay gumawa ng gayon din
sa pamamagitan ng kanilang mga enkanto, at nagpaahon
ng mga palaka sa lupain ng Egipto. 8 Nang magkagayo'y
tinawag ni Faraon si Moises at si Aaron, at sinabi, Manalangin
kayo sa Panginoon, na alisin ang mga palaka sa akin, at sa
aking bayan; at aking tutulutang yumaon, ang bayan upang
sila'y makapaghain sa Panginoon. 9 At sinabi ni Moises
kay Faraon, Magkaroon ka ng kaluwalhatiang ito sa akin:
anong oras isasamo kita, at ang iyong mga lingkod, at ang
iyong bayan, upang ang mga palaka ay malipol sa iyo at
sa iyong mga bahay, at mangatira na lamang sa ilog? 10
At kaniyang sinabi, Sa kinabukasan. At sinabi ni Moises,
Mangyayari ayon sa iyong salita: upang iyong maalaman
na walang gaya ng Panginoon naming Dios. 11 At ang
mga palaka ay magsisialis sa iyo, at sa iyong bahay, at
sa iyong mga lingkod, at sa iyong bayan; mangatitira na
lamang sa ilog. 12 At si Moises at si Aaron ay umalis sa
harap ni Faraon: at si Moises ay dumaing sa Panginoon
tungkol sa mga palaka na kaniyang dinala kay Faraon. 13
At ginawa ng Panginoon ayon sa salita ni Moises, at ang
mga palaka ay namatay sa mga bahay, sa mga looban at sa
mga parang. 14 At kanilang pinagpisan sa buntonbunton:
at ang lupa ay bumaho. 15 Nguni't nang makita ni Faraon
na may pahinga ay pinapagmatigas ang kaniyang puso, at
hindi niya dininig sila; gaya ng sinalita ng Panginoon. 16 At
sinabi ng Panginoon kay Moises, Sabihin mo kay Aaron:
Iunat mo ang iyong tungkod, at paluin mo ang alabok ng
lupa, upang maging mga kuto sa lupaing Egipto. 17 At
kaniyang ginawang gayon; at iniunat ni Aaron ang kaniyang
kamay pati ng kaniyang tungkod, at pinalo ang alabok ng
lupa, at nagkakuto sa tao at sa hayop; lahat ng alabok ng
lupa ay naging mga kuto sa buong lupain ng Egipto. 18 At
ang mga mahiko ay gumawa ng gayon sa pamamagitan
ng kanilang mga enkanto, upang maglabas ng mga kuto,
nguni't hindi nila nagawa: at nagkakuto sa tao at sa hayop.
19 Nang magkagayo'y sinabi ng mga mahiko kay Faraon,
Ito'y daliri ng Dios: at ang puso ni Faraon ay nagmatigas, at
hindi niya dininig sila; gaya ng sinalita ng Panginoon. 20 At
sinabi ng Panginoon kay Moises, Bumangon kang maaga sa
kinaumagahan, at tumayo ka sa harap ni Faraon; narito,
siya'y pasasa tubig, at sabihin mo sa kaniya, Ganito ang sabi
ng Panginoon: Payaunin mo ang aking bayan upang sila'y
makapaglingkod sa akin. 21 Saka kung hindi mo payayaunin
ang aking bayan ay magsusugo ako ng pulupulutong na
langaw sa iyo, at sa iyong mga lingkod, at sa iyong bayan,
at sa loob ng iyong mga bahay: at ang mga bahay ng mga
Egipcio ay mapupuno ng pulupulutong na langaw, at gayon
din ang lupa na kinaroroonan nila. 22 At aking ihihiwalay sa
araw na yaon ang lupain ng Gosen, na kinatatahanan ng
aking bayan, upang huwag magkaroon doon ng pulupulutong
na langaw: ng iyong maalaman na ako ang Panginoon
sa gitna ng lupa. 23 At aking paghihiwalayin ang aking

bayan at ang iyong bayan: sa kinabukasan mangyayari
ang tandang ito. **24** At ginawang gayon ng Panginoon, at
nagsipasok ang mga makapal na pulupulutong na langaw sa
bahay ni Faraon, at sa bahay ng kaniyang mga lingkod:
at sa buong lupain ng Egipto ay nasisira ang lupa dahil
sa mga pulupulutong na langaw. **25** At tinawag ni Faraon
si Moises at si Aaron, at sinabi, Yumaon kayo, maghain
kayo sa inyong Dios sa lupain. **26** At sinabi ni Moises, Hindi
marapat na aming gawing ganyan; sapagka't aming ihahain
ang mga kasuklamsuklam ng mga Egipcio, sa Panginoon
naming Dios: narito, ihahain ba namin ang kasuklamsuklam
ng mga Egipcio sa harap ng kanilang mga mata at di ba
nila kami babatuhin? **27** Kami ay yayaong tatlong araw na
maglalakbay sa ilang, at maghahain sa Panginoon naming
Dios, ayon sa kaniyang iniutos sa amin. **28** At sinabi ni
Faraon, Aking payayaunin kayo upang kayo'y makapaghain
sa Panginoon ninyong Dios sa ilang; huwag lamang kayong
pakakalayo: tuloy idaing ninyo ako. **29** At sinabi ni Moises,
Narito iiwan kita, at aking idadalangin sa Panginoon, na
ang mga pulupulutong na langaw ay magsialis bukas kay
Faraon, sa kaniyang mga lingkod, at sa kaniyang bayan:
nguni't huwag nang magdaya pa si Faraon, na huwag na di
payaunin ang bayan, upang maghain sa Panginoon. **30** At
iniwan ni Moises si Faraon, at nanalangin sa Panginoon. **31**
At ginawa ng Panginoon ang ayon sa salita ni Moises; at
inialis niya ang mga pulupulutong na langaw kay Faraon, sa
kaniyang mga lingkod, at sa kaniyang bayan; na walang
natira kahit isa. **32** At pinapagmatigas ding muli ni Faraon
ang kaniyang puso at hindi pinayaon ang bayan.

**9** Nang magkagayon ay sinabi ng Panginoon kay Moises,
Pasukin mo si Faraon, at saysayin mo sa kaniya. Ganito
ang sabi ng Panginoon, ng Dios ng mga Hebreo: Payaunin
mo ang aking bayan, upang ako'y mapaglingkuran nila. **2**
Sapagka't kung tatanggihan mong payaunin sila, at sila'y
pipigilin mo pa, **3** Ay narito, ang kamay ng Panginoon ay
nakapatong sa iyong hayop na nasa parang, nakapatong sa
mga kabayo, nakapatong sa mga asno, nakapatong sa mga
kamello, nakapatong sa mga bakahan, at nakapatong sa
mga kawan; na magkakaroon ng malaking pagkakasalot.
**4** At gagawan ng katangian ng Panginoon ang hayop ng
Israel at ang hayop ng Egipto: at walang mamamatay sa
lahat ng ukol sa mga anak ni Israel. **5** At ang Panginoon
ay nagtakda ng panahon, na sinasabi, Bukas ay gagawin
ng Panginoon ang bagay na ito sa lupain. **6** At ginawa ng
Panginoon ang bagay na yaon ng kinabukasan, at ang
lahat ng hayop sa Egipto ay namatay: nguni't sa hayop ng
mga anak ni Israel ay walang namatay kahit isa. **7** At si
Faraon ay nagsugo, at narito, walang namatay kahit isa
sa kawan ng mga Israelita. Nguni't ang puso ni Faraon ay
nagmatigas, at hindi niya pinayaon ang bayan. **8** At sinabi ng
Panginoon kay Moises at kay Aaron, Dumakot kayo ng isang
dakot na abo sa hurno, at isaboy ni Moises sa himpapawid
sa paningin ni Faraon. **9** At magiging durog na alabok sa
buong lupain ng Egipto, at magiging bukol na naknakin sa
tao, at sa hayop, sa buong lupain ng Egipto. **10** At sila'y
kumuha ng abo sa hurno, at tumayo sa harap ni Faraon,
at isinaboy ni Moises sa himpapawid; at naging bukol na
naknakin sa tao at sa hayop. **11** At ang mga mahiko ay hindi
makatayo sa harap ni Moises dahil sa mga bukol; sapagka't
nagkabukol ang mga mahiko at ang mga Egipcio. **12** At
pinapagmatigas ng Panginoon ang puso ni Faraon, at hindi
niya dininig sila gaya ng sinalita ng Panginoon kay Moises.
**13** At sinabi ng Panginoon kay Moises, Bumangon kang
maaga sa kinaumagahan, at tumayo ka sa harap ni Faraon,
at sabihin mo sa kaniya: Ganito ang sabi ng Panginoon, ng
Dios ng mga Hebreo: Payaunin mo ang aking bayan, upang
ako'y mapaglingkuran nila. **14** Sapagka't ngayo'y ibubugso
ko na ang lahat ng aking salot sa iyong puso, at sa iyong
mga lingkod, at sa iyong bayan upang iyong maalaman na
walang gaya ko sa buong lupa. **15** Sapagka't ngayo'y iniunat
ko na ang aking kamay, upang salutin kita, at ang iyong
bayan, at nawala ka na sa lupa: **16** Datapuwa't totoong
totoo, na dahil dito ay pinatayo kita, upang maipakilala sa
iyo ang aking kapangyarihan, at upang ang aking pangalan
ay mahayag sa buong lupa. **17** Nagmamalaki ka pa ba laban
sa aking bayan, na ayaw mo silang payaunin? **18** Narito,
bukas, sa ganitong oras, ay magpapaulan ako ng malakas
na granizo, na kailan ma'y hindi nagkaroon sa Egipto mula
nang araw na itayo hanggang ngayon. **19** Ngayon nga'y
magsugo ka, ipasilong mo ang iyong mga hayop at lahat ng
iyong tinatangkilik sa parang; sapagka't bawa't tao at hayop
na maabutan sa parang, at hindi masisilong, ay lalakpakan
ng granizo at mamamatay. **20** Yaong natakot sa salita
ng Panginoon, sa mga lingkod ni Faraon ay nagpauwing
madali ng kaniyang mga bataan at ng kaniyang hayop sa
mga bahay: **21** At yaong nagwalang bahala sa salita ng
Panginoon ay nagpabaya ng kaniyang mga bataan at ng
kaniyang kawan sa parang. **22** At sinabi ng Panginoon
kay Moises, Iunat mo ang iyong kamay sa dakong langit,
upang magkaroon ng granizo sa buong lupain ng Egipto,
na lumagpak sa tao, at sa hayop, at sa bawa't halaman
sa parang sa buong lupain ng Egipto. **23** At iniunat ni
Moises ang kaniyang tungkod sa dakong langit; at ang
Panginoo'y nagsugo ng kulog at granizo, at may apoy na
lumagpak sa lupa; at ang Panginoo'y nagpaulan ng granizo
sa lupain ng Egipto. **24** Sa gayo'y nagkaroon ng granizo
at apoy, na nagniningning sa granizo, at napakalakas, na
kailan ma'y hindi nagkaroon sa buong lupain ng Egipto mula

nang maging bansa. 25 At sinalot ng granizo ang buong
lupain ng Egipto, ang lahat na nasa parang, maging tao at
maging hayop, at sinalot ng granizo ang lahat ng halaman
sa parang, at binali ang lahat ng punong kahoy sa parang.
26 Sa lupain lamang ng Gosen, na kinaroroonan ng mga
anak ni Israel, hindi nagkaroon ng granizo. 27 At si Faraon
ay nagsugo, at ipinatawag si Moises at si Aaron, at sinabi sa
kanila, Ako'y nagkasala ngayon: ang Panginoo'y matuwid;
at ako at ang aking bayan ay masama. 28 Dalanginan
ninyo ang Panginoon; sapagka't nagkaroon na ng sukat na
malalakas na kulog at granizo; at kayo'y aking payayaunin,
at di ko na kayo bibinbinin. 29 At sinabi ni Moises sa kaniya,
Pagkalabas ko sa bayan, ay aking ilalahad ang aking mga
kamay sa Panginoon; at ang mga kulog ay titigil, at hindi
na magkakaroon pa ng anomang granizo; upang iyong
maalaman na ang lupa'y sa Panginoon. 30 Nguni't tungkol
sa iyo at sa iyong mga lingkod, ay nalalaman ko, na di pa
kayo matatakot sa Panginoong Dios. 31 At ang lino at ang
cebada ay nasaktan; sapagka't ang cebada ay naguuhay na
at ang lino ay namumulaklak na. 32 Datapuwa't ang trigo at
ang espelta ay hindi nasaktan: sapagka't hindi pa tumutubo.
33 At si Moises ay lumabas sa bayan na galing kay Faraon,
at inilahad ang kaniyang mga kamay sa Panginoon: at
ang mga kulog at ang granizo ay tumigil, at ang ulan ay
di na lumagpak sa lupa. 34 At nang makita ni Faraon, na
ang ulan, at ang granizo, at ang mga kulog ay tumigil, ay
lalong nagkasala pa, at nagmatigas ang kaniyang puso, siya
at ang kaniyang mga lingkod. 35 At ang puso ni Farao'y
nagmatigas, at hindi niya pinayaon ang mga anak ni Israel;
gaya ng sinalita ng Panginoon sa pamamagitan ni Moises.

**10** At sinabi ng Panginoon kay Moises: Pasukin mo si
Faraon, sapagka't aking pinapagmatigas ang kaniyang
puso, at ang puso ng kaniyang mga lingkod; upang aking
maipakilala itong aking mga tanda sa gitna nila: 2 At upang
iyong maisaysay sa mga pakinig ng iyong anak, at sa anak
ng iyong anak, kung anong mga bagay ang ginawa ko sa
Egipto, at ang aking mga tandang ginawa sa gitna nila;
upang inyong maalaman, na ako ang Panginoon. 3 At
pinasok ni Moises at ni Aaron si Faraon at sinabi sa kaniya,
Ganito ang sabi ng Panginoon, ng Dios ng mga Hebreo,
Hanggang kailan tatanggi kang mangayupapa sa harap ko?
payaunin mo ang aking bayan, upang ako'y mapaglingkuran
nila. 4 O kung tatanggihan mong payaunin ang aking bayan,
ay narito, bukas ay magdadala ako ng mga balang sa iyong
hangganan: 5 At kanilang tatakpan ang ibabaw ng lupa, na
walang makakakita ng ibabaw ng lupa: at kanilang kakanin
ang naiwan sa nangaligtas, na itinira sa inyo ng granizo, at
kanilang kakanin ang bawa't kahoy na itinutubo sa inyo ng
parang: 6 At ang inyong mga bahay ay mapupuno, at ang
mga bahay ng lahat mong lingkod, at ang mga bahay ng
mga Egipcio: na hindi nakita ng inyong mga magulang, mula
nang araw na sila'y mapasa lupa hanggang sa araw na ito.
At siya'y pumihit at nilisan si Faraon. 7 At sinabi sa kaniya
ng mga lingkod ni Faraon, Hanggang kailan magiging isang
silo sa atin ang taong ito? payaunin mo ang mga taong iyan
upang sila'y makapaglingkod sa Panginoon nilang Dios:
hindi mo pa ba natatalastas, na ang Egipto'y giba na? 8
At si Moises at si Aaron ay pinapagbalik kay Faraon, at
kaniyang sinabi sa kanila, Kayo'y yumaon, maglingkod kayo
sa Panginoon ninyong Dios: datapuwa't sino sino yaong
magsisiyaon? 9 At sinabi ni Moises: Kami ay yayaon sangpu
ng aming mga bata at sangpu ng mga matanda, sangpu ng
aming mga anak na lalake at babae, sangpu ng aming mga
kawan at sangpu ng aming mga bakahan, kami ay yayaon;
sapagka't kami ay nararapat magdiwang ng isang pista
sa Panginoon. 10 At kaniyang sinabi sa kanila, Sumainyo
nawa ang Panginoon, na gaya ng aking pagpapayaon sa
inyo, at sa inyong mga bata: magingat kayo; sapagka't ang
kasamaan ay nasa harap ninyo. 11 Huwag ganyan: yumaon
kayong mga lalake, at maglingkod sa Panginoon; sapagka't
iyan ang inyong ninanasa. At sila'y pinaalis sa harap ni
Faraon. 12 At sinabi ng Panginoon kay Moises, Iunat mo ang
iyong kamay sa lupain ng Egipto, upang magdala ng mga
balang, at bumaba sa lupain ng Egipto, at kumain ng lahat
na halaman sa lupain, yaong lahat na iniwan ng granizo.
13 At iniunat ni Moises ang kaniyang tungkod sa lupain ng
Egipto, at ang Panginoo'y nagpahihip ng hanging silanganan
sa lupain ng buong araw na yaon, at ng buong gabi; at
nang maumaga, ang hanging silanganan ay nagdala ng mga
balang. 14 At ang mga balang ay bumaba sa buong lupain
ng Egipto, at nagsipagpahinga sa lahat ng hangganan ng
Egipto; totoong napakakapal; bago noon ay hindi nagkaroon
ng gayong balang, at hindi na magkakaroon pa, pagkatapos
noon, ng gayon. 15 Sapagka't tinakpan ng mga yaon ang
balat ng buong lupa, na ano pa't ang lupain ay nagdilim;
at kinain ang lahat na halaman sa lupain, at ang lahat
na bunga ng mga kahoy na iniwan ng granizo; at walang
natirang anomang sariwang bagay, maging sa punong kahoy
o sa halaman sa parang, sa buong lupain ng Egipto. 16
Nang magkagayo'y tinawag na madali ni Faraon si Moises
at si Aaron, at kaniyang sinabi, Ako'y nagkasala laban sa
Panginoon ninyong Dios, at laban sa inyo. 17 Ngayon nga'y
ipatawad mo, isinasamo ko sa iyo, ang aking kasalanan, na
ngayon na lamang at idalangin ninyo sa Panginoon ninyong
Dios, na kaniya lamang ilayo sa akin ang kamatayang ito. 18
At nilisan niya si Faraon, at nanalangin sa Panginoon. 19
At pinapagbalik ng Panginoon ang isang napakalakas na
hanging kalunuran, na siyang nagpaitaas sa mga balang,

at tumangay ng mga yaon sa Dagat na Mapula; walang
natira kahit isang balang sa buong hangganan ng Egipto.
20 Datapuwa't pinapagmatigas ng Panginoon ang puso ni
Faraon, at hindi niya pinayaon ang mga anak ni Israel. 21 At
sinabi ng Panginoon kay Moises, Iunat mo ang iyong kamay
sa dakong langit, upang magdilim sa lupain ng Egipto, ng
kadiliman na mahihipo. 22 At iniunat ni Moises ang kaniyang
kamay sa dakong langit; at nagsalimuutan ang dilim sa
buong lupain ng Egipto, na tatlong araw; 23 Sila'y hindi
nagkikita, at walang tumindig na sinoman sa kinaroroonan
sa loob ng tatlong araw; kundi lahat ng mga anak ni Israel ay
nagilaw sa kanikaniyang tahanan. 24 At tinawag ni Faraon
si Moises, at sinabi, Yumaon kayo, maglingkod kayo sa
Panginoon; inyo lamang iwan ang inyong mga kawan at ang
inyong mga bakahan; isama rin naman ninyo ang inyong
mga bata. 25 At sinabi ni Moises, ikaw ay nararapat ding
magbigay sa aming kamay ng mga hain at mga handog
na susunugin, upang aming maihain sa Panginoon naming
Dios. 26 Ang aming hayop man ay yayaong kasama namin;
wala kahit isang paa na maiiwan; sapagka't sa kanila kami
nararapat kumuha ng aming ipaglilingkod sa Panginoon
naming Dios; at hindi namin nalalaman kung ano ang
aming nararapat ipaglingkod sa Panginoon, hanggang sa
kami ay dumating doon. 27 Datapuwa't pinapagmatigas ng
Panginoon ang puso ni Faraon, at hindi niya pinayaon sila.
28 At sinabi ni Faraon sa kaniya, Umalis ka sa harap ko,
iyong pagingatang huwag mo nang makitang muli ang aking
mukha; sapagka't sa araw na iyong makita ang aking mukha
ay mamamatay ka. 29 At sinabi ni Moises, Mabuti ang sabi
mo, hindi ko na muling makikita ang iyong mukha.

**11** At sinabi ng Panginoon kay Moises, May isang
salot pa akong dadalhin kay Faraon at sa Egipto;
pagkatapos niyaon ay pahihintulutan niyang kayo'y umalis
dito: pagpapahintulot niya sa inyong yumaon, ay tunay na
kayo'y samasamang palalayasin niya rito. 2 Magsalita ka
ngayon sa pakinig ng bayan, at humingi ang bawa't lalake
sa kaniyang kapuwa, at bawa't babae sa kaniyang kapuwa,
ng mga hiyas na pilak, at ng mga hiyas na ginto. 3 At
pinagbiyayaan ng Panginoon ang bayan, sa paningin ng
mga Egipcio. Saka si Moises ay lalaking naging dakila sa
lupain ng Egipto, sa paningin ng mga lingkod ni Faraon, at
sa paningin ng bayan. 4 At sinabi ni Moises, Ganito ang
sinasabi ng Panginoon, Sa may hating gabi ay lalabas ako
sa gitna ng Egipto: 5 At lahat ng mga panganay sa lupain ng
Egipto ay mamamatay, mula sa panganay ni Faraon, na
nakaluklok sa kaniyang luklukan, hanggang sa panganay
ng aliping babaing nasa likuran ng gilingan; at ang lahat
ng mga panganay sa mga hayop. 6 At magkakaroon ng
malakas na hiyawan sa buong lupain ng Egipto, na hindi
nagkaroon ng kaparis, at hindi na magkakaroon pa ng
kaparis. 7 Datapuwa't sa lahat ng anak ng Israel mula sa tao
hanggang sa hayop, ay walang maggagalaw kahit isang aso
ng kaniyang dila laban sa tao o sa hayop: upang inyong
makilala kung paano ang pagkakalagay ng pagkakaiba ng
Panginoon sa mga Egipcio at sa Israel. 8 At bababain ako
nitong lahat na iyong lingkod, at magsisiyukod sa akin, na
magsasabi, Umalis ka, at ang buong bayan na sumusunod
sa iyo: at pagkatapos niyaon ay aalis ako. At siya'y umalis
sa harap ni Faraon na may maalab na galit. 9 At sinabi
ng Panginoon kay Moises, Hindi kayo didinggin ni Faraon:
upang ang aking mga kababalaghan ay dumami sa lupain ng
Egipto. 10 At ginawa ni Moises at ni Aaron ang lahat ng mga
kababalaghang ito sa harap ni Faraon: at pinapagmatigas ng
Panginoon ang puso ni Faraon, at hindi niya pinahintulutan
ang mga anak ni Israel ay umalis sa kaniyang lupain.

**12** At ang Panginoon ay nagsalita kay Moises at kay Aaron
sa lupain ng Egipto, na sinasabi, 2 Ang buwang ito'y
magiging sa inyo'y pasimula ng mga buwan: siyang magiging
unang buwan ng taon sa inyo. 3 Salitain ninyo sa buong
kapisanan ng Israel na inyong sabihin: Sa ikasangpung
araw ng buwang ito ay magsisikuha sila sa ganang kanila,
bawa't lalake, ng isang kordero, ayon sa mga sangbahayan
ng kanikanilang mga magulang, isang kordero sa bawa't
sangbahayan: 4 At kung ang sangbahayan ay napakakaunti
upang kumain ng isang kordero, ay siya nga at ang kaniyang
malapit na kapitbahay ay magsasalosalo sa isa ayon sa
bilang ng mga tao; ayon sa bawa't tao na kumakain gagawin
ninyo ang pagbilang, sa kordero. 5 Ang inyong korderong
pipiliin ay yaong walang kapintasan, isang lalake, na iisahing
taon: inyong kukunin sa mga tupa, o sa mga kambing: 6 At
inyong aalagaan hanggang sa ikalabing apat na araw ng
buwang ito, at papatayin ng buong kapulungan ng kapisanan
ng Israel, sa paglubog ng araw. 7 At kukuha sila ng dugo
niyan, at ilalagay sa dalawang haligi ng pinto at sa itaas ng
pintuan, sa mga bahay na kanilang kakainan. 8 At kanilang
kakanin ang laman sa gabing yaon, na inihaw sa apoy,
at tinapay na walang lebadura, kakanin nilang kaulam ng
mapapait na gulay. 9 Huwag ninyong kaning hilaw, o luto
man sa tubig, kundi inihaw sa apoy; ang kaniyang ulo pati
ng kaniyang mga paa at pati ng kaniyang mga lamang
loob. 10 At huwag kayong magtitira ng anoman niyaon
hanggang sa kinaumagahan; kundi yaong matitira niyaon
sa kinaumagahan ay inyong susunugin sa apoy. 11 At
ganito ninyo kakanin; may bigkis ang inyong baywang, ang
inyong mga pangyapak ay nakasuot sa inyong mga paa, at
ang inyong tungkod ay tangnan ninyo sa inyong kamay;
at inyong kakaning dalidali; siyang paskua ng Panginoon.
12 Sapagka't ako'y dadaan sa lupain ng Egipto sa gabing

yaon, at aking lilipulin ang lahat ng mga panganay sa lupain
ng Egipto, maging tao at maging hayop; at gagawa ako ng
kahatulan laban sa lahat ng mga dios sa Egipto, ako ang
Panginoon. **13** At ang dugo ay magiging sa inyo'y isang
tanda sa mga bahay na inyong kinaroroonan: at pagka aking
nakita ang dugo, ay lalampasan ko kayo, at walang salot
na sasainyo, na papatay sa inyo, pananakit ko sa lupaing
Egipto. **14** At ang araw na ito'y magiging sa inyo'y isang
alaala, at inyong ipagdidiwang na pinakapista sa Panginoon;
sa buong panahon ng inyong lahi ay inyong ipagdidiwang na
pinakapista na bilang tuntunin magpakailan man. **15** Pitong
araw na kakain kayo ng tinapay na walang lebadura; sa
unang araw ay inyong ihihiwalay sa inyong mga bahay ang
lebadura; sapagka't sinomang kumain ng tinapay na may
lebadura mula sa unang araw hanggang sa ikapitong araw
ay ihihiwalay sa Israel, ang taong yaon. **16** At sa unang araw
ay magkakaroon kayo ng isang banal na pagkakatipon at sa
ikapitong araw man ay magkakaroon ding kayo ng isang
banal na pagkakatipon; walang anomang gawa na gagawin
sa mga araw na iyan, liban na yaong nararapat kanin ng
bawa't tao, na siya lamang maaaring gawin ninyo. **17** At
iyong ipangingilin ang pista ng tinapay na walang lebadura;
sapagka't sa araw ring ito kinuha ko ang inyong mga hukbo
sa lupain ng Egipto: kaya't inyong ipangingilin ang araw na
ito sa buong panahon ng inyong lahi, na bilang tuntunin
magpakailan man. **18** Sa unang buwan ng ikalabing apat
na araw ng buwan sa paglubog ng araw ay kakain kayo
ng tinapay na walang lebadura, hanggang sa ikadalawang
pu't isang araw ng buwan, sa paglubog ng araw. **19** Pitong
araw, na walang masusumpungang lebadura sa inyong mga
bahay: sapagka't sinomang kumain niyaong may lebadura,
ay ihihiwalay sa kapisanan ng Israel, ang taong yaon, maging
taga ibang lupa, o maging ipinanganak sa lupain. **20** Huwag
kayong kakain ng anomang bagay na may lebadura; sa
lahat ng inyong mga tahanan ay kakain kayo ng tinapay
na walang lebadura. **21** Nang magkagayo'y ipinatawag ni
Moises ang lahat ng matanda sa Israel, at sinabi sa kanila,
Kayo'y lumabas at kumuha kayo ng mga kordero ayon sa
inyo-inyong sangbahayan, at magpatay kayo ng kordero ng
paskua. **22** At kayo'y kukuha ng isang bigkis na hisopo, at
inyong babasain sa dugo, na nasa palanggana, at inyong
papahiran ng dugo na nasa palanggana, ang itaas ng pinto
at ang dalawang haligi ng pinto: at sinoman sa inyo ay
huwag lalabas sa pinto ng kaniyang bahay hanggang sa
kinaumagahan. **23** Sapagka't ang Panginoon ay daraan
upang sugatan ang mga Egipcio; at pagkakita niya ng
dugo sa itaas ng pinto at sa dalawang haligi ng pinto, ay
lalampasan ng Panginoon ang pintong yaon, at hindi niya
papayagan ang manunugat ay pumasok sa inyong mga
bahay na sugatan kayo. **24** At inyong ipangingilin ang bagay
na ito, na pinakatuntunin sa iyo at sa iyong mga anak
magpakailan man. **25** At mangyayaring pagdating ninyo sa
lupain na ibibigay sa inyo ng Panginoon, gaya ng kaniyang
ipinangako, ay inyong tutuparin ang paglilingkod na ito. **26** At
mangyayaring pagsasabi sa inyo ng inyong mga anak: Anong
ibig ninyong sabihin sa paglilingkod na ito? **27** Na inyong
sasabihin: Siyang paghahain sa paskua ng Panginoon, na
kaniyang nilampasan ang mga bahay ng mga anak ni Israel
sa Egipto, nang kaniyang sugatan ang mga Egipcio, at
iniligtas ang aming mga sangbahayan. At ang bayan ay
nagyukod ng ulo at sumamba. **28** At ang mga anak ni Israel
ay yumaon at ginawang gayon; kung paanong iniutos ng
Panginoon kay Moises at kay Aaron, ay gayong ginawa
nila. **29** At nangyari sa hating gabi, na nilipol ng Panginoon
ang lahat ng mga panganay sa lupain ng Egipto, mula sa
panganay ni Faraon na nakaluklok sa kaniyang luklukan,
hanggang sa panganay ng bilanggo na nasa bilangguan;
at lahat ng panganay sa mga hayop. **30** At si Faraon ay
bumangon sa kinagabihan, siya at lahat ng kaniyang mga
lingkod, at lahat ng mga Egipcio, at nagkaroon ng isang
malakas na hiyawan sa Egipto; sapagka't walang bahay na
di mayroong isang patay. **31** At kaniyang tinawag si Moises at
si Aaron sa kinagabihan, at sinabi, Kayo'y bumangon, umalis
kayo sa gitna ng aking bayan kayo at sangpu ng mga anak
ni Israel; at kayo'y yumaong maglingkod sa Panginoon, gaya
ng inyong sinabi. **32** Dalhin ninyo kapuwa ang inyong mga
kawan at ang inyong mga bakahan, gaya ng inyong sinabi,
at kayo'y yumaon: at pagpalain din naman ninyo ako. **33** At
pinapagmadali ng mga Egipcio, ang bayan, na madaliang
pinaalis sila sa lupain; sapagka't kanilang sinabi, Kaming
lahat ay patay na. **34** At dinala ng bayan ang kanilang masa
bago humilab, na nababalot ang kanilang mga masa sa
kanikanilang damit sa ibabaw ng kanikanilang balikat. **35**
At ginawa ng mga anak ni Israel ayon sa salita ni Moises;
at sila'y humingi sa mga Egipcio ng mga hiyas na pilak, at
mga hiyas na ginto, at mga damit: **36** At pinagbiyayaan ng
Panginoon ang bayan sa paningin ng mga Egipcio, ano
pa't ibinigay sa kanila anomang hingin nila. At kanilang
hinubaran ang mga Egipcio. **37** At ang angkan ni Israel ay
naglakbay mula sa Rameses hanggang sa Succoth, na may
anim na raang libong lalake na naglakad, bukod pa ang mga
bata. **38** At isang karamihang samasama ang sumampa rin
namang kasabay nila; at mga kawan, at mga bakahan, na
napakaraming hayop. **39** At kanilang nilutong mga munting
tinapay na walang lebadura ang masa na kanilang kinuha
sa Egipto, sapagka't hindi pa humihilab, sapagka't sila'y
itinaboy sa Egipto, at hindi sila nakatigil o nakapaghanda
man ng anomang pagkain. **40** Ang pakikipamayan nga

ng mga anak ni Israel, na ipinakipamayan nila sa Egipto,
ay apat na raan at tatlong pung taon. 41 At nangyari sa
katapusan ng apat na raan at tatlong pung taon, ng araw
ding yaon ay nangyari, na ang lahat ng mga hukbo ng
Panginoon ay umalis sa lupain ng Egipto. 42 Ito ay isang
gabing pangingilin sa Panginoon dahil sa paglalabas niya sa
kanila sa lupain ng Egipto: ito ay yaong gabi ng Panginoon
na ipangingilin ng lahat ng mga anak ni Israel sa buong
panahon ng kanilang lahi. 43 At sinabi ng Panginoon kay
Moises at kay Aaron, Ito ang tuntunin sa paskua: walang
sinomang taga ibang lupa na kakain niyaon: 44 Datapuwa't
ang alipin ng bawa't lalake na nabili ng salapi, pagkatuli sa
kaniya'y makakakain nga niyaon. 45 Ang nakikipamayan
at ang alilang binabayaran ay hindi kakain niyaon. 46 Sa
isang bahay kakanin; huwag kang magdadala ng laman sa
labas ng bahay, ni sisira kayo ng kahit isang buto niyaon.
47 Ipangingilin ng buong kapisanan ng Israel. 48 At pagka
ang isang taga ibang lupa ay makikipamayan kasama mo,
at mangingilin ng paskua sa Panginoon, ay tuliin lahat
ang kaniyang mga lalake at saka siya lumapit at ipangilin:
at siya'y magiging parang ipinanganak sa lupain ninyo;
datapuwa't sinomang di tuli ay hindi makakakain niyaon. 49
Isang kautusan magkakaroon sa ipinanganak sa lupain, at
sa taga ibang bayan na nakikipamayang kasama ninyo. 50
Gayon ginawa ng lahat ng mga anak ni Israel; kung paanong
iniutos ng Panginoon kay Moises at kay Aaron, gayon nila
ginawa. 51 At nangyari nang araw ding yaon, na kinuha ng
Panginoon ang mga anak ni Israel sa lupain ng Egipto, ayon
sa kanilang mga hukbo.

13 At ang Panginoon ay nagsalita kay Moises, na sinasabi,
2 Pakabanalin mo sa akin ang lahat ng mga panganay,
anomang nagbubukas ng bahay-bata sa mga anak ni Israel:
maging sa tao at maging sa hayop ay akin. 3 At sinabi
ni Moises sa bayan, Alalahanin ninyo ang araw na ito na
inialis ninyo sa Egipto, sa bahay ng pagkaalipin; sapagka't
sa pamamagitan ng lakas ng kamay ay hinango kayo ng
Panginoon sa dakong ito, wala sinomang kakain ng tinapay
na may lebadura. 4 Sa araw na ito ay umaalis kayo ng buwan
ng Abib. 5 At mangyayari, na pagkadala sa iyo ng Panginoon
sa lupain ng Cananeo, at ng Hetheo, at ng Amorrheo, at ng
Hebreo, at ng Jebuseo, na kaniyang isinumpa sa iyong mga
magulang, na ibibigay sa iyo, na lupang binubukalan ng
gatas at pulot ay iyong ipangingilin ang paglilingkod na ito
sa buwang ito. 6 Pitong araw na kakain ka ng tinapay na
walang lebadura, at sa ikapitong araw ay magiging isang
kapistahan sa Panginoon. 7 Tinapay na walang lebadura
ang kakanin sa loob ng pitong araw, at huwag makakakita sa
iyo, ng tinapay na may lebadura, ni makakakita ng lebadura
sa iyo, sa lahat ng iyong mga hangganan. 8 At sasaysayin
mo sa iyong anak sa araw na yaon, na iyong sasabihin:
Dahil sa ginawa ng Panginoon sa akin nang ako'y umalis
sa Egipto. 9 At sa iyo'y magiging pinakatanda sa ibabaw
ng iyong kamay, at pinakaalaala sa pagitan ng iyong mga
mata, upang ang kautusan ng Panginoon ay sumaiyong
bibig: sapagka't sa pamamagitan ng malakas na kamay, ay
inalis ka ng Panginoon sa Egipto. 10 Isasagawa mo nga
ang palatuntunang ito sa kapanahunan nito taon taon. 11
At mangyayari, pagkadala sa iyo ng Panginoon sa lupain
ng Cananeo, gaya ng isinumpa sa iyo at sa iyong mga
magulang, at pagkabigay niyaon sa iyo, 12 Ay ihihiwalay mo
para sa Panginoon yaong lahat na nagbubukas ng bahay-
bata, at bawa't panganay na mayroon ka na mula sa hayop;
ang mga lalake, ay sa Panginoon. 13 At bawa't panganay
sa asno ay tutubusin mo ng isang kordero; at kung hindi
mo tutubusin, ay iyo ngang babaliin ang kaniyang leeg: at
lahat ng mga panganay na lalake sa iyong mga anak ay
iyong tutubusin. 14 At mangyayari, na pagtatanong sa iyo ng
iyong anak sa panahong darating, na sasabihin, Ano ito? na
iyong sasabihin sa kaniya: Sa pamamagitan ng lakas ng
kamay ay inilabas tayo ng Panginoon sa Egipto, sa bahay ng
pagkaalipin. 15 At nangyari, nang magmatigas si Faraon na
hindi kami tulutang yumaon, ay pinatay ng Panginoon ang
lahat ng mga panganay sa lupain ng Egipto, ang panganay
ng tao at gayon din ang panganay ng hayop: kaya't aking
inihahain sa Panginoon ang lahat ng nagbubukas ng bahay-
bata na mga lalake; nguni't lahat ng panganay ng aking
anak ay aking tinutubos. 16 At magiging pinakatanda sa
iyong kamay, at pinakaalaala sa pagitan ng iyong mga
mata: sapagka't sa pamamagitan ng lakas ng kamay ay
inilabas tayo ng Panginoon sa Egipto. 17 At nangyari, nang
tulutan ni Faraon na ang bayan ay yumaon, na hindi sila
pinatnubayan ng Dios sa daang patungo sa lupain ng mga
Filisteo, bagaman malapit; sapagka't sinabi ng Dios, Baka
sakaling ang bayan ay magsisi pagkakita ng pagbabaka,
at magsipagbalik sa Egipto: 18 Kundi pinatnubayan ng
Dios ang bayan sa palibot, sa daang patungo sa ilang sa
tabi ng Dagat na Mapula: at ang mga anak ni Israel ay
sumampang nangakasakbat mula sa lupain ng Egipto. 19 At
dinala ni Moises ang mga buto ni Jose: sapagka't kaniyang
ipinanumpang mahigpit sa mga anak ni Israel, na sinasabi,
Tunay na dadalawin kayo ng Dios; at inyong isasampa ang
aking mga buto mula rito na kasama ninyo. 20 At sila'y
naglakbay mula sa Succoth, at humantong sa Etham, sa
hangganan ng ilang. 21 At ang Panginoon ay nangunguna
sa kanila sa araw, sa isang haliging ulap, upang patnubayan
sila sa daan; at sa gabi, ay sa isang haliging apoy, upang
tanglawan sila; upang sila'y makapaglakad sa araw at sa

gabi. 22 Ang haliging ulap sa araw at ang haliging apoy sa
gabi ay hindi humihiwalay sa harapan ng bayan.

14 At ang Panginoon ay nagsalita kay Moises, na sinasabi,
2 Salitain mo sa mga anak ni Israel, na sila'y bumalik at
humantong sa tapat ng Pi-hahiroth, sa pagitan ng Migdol at
ng dagat, sa tapat ng Baalzephon: sa tapat niyaon hahantong
kayo, sa tabi ng dagat. 3 At sasabihin ni Faraon tungkol sa
mga anak ni Israel: Nangasisilo sila sa lupain, sila'y naliligid
ng ilang. 4 At aking papagmamatigasin ang puso ni Faraon,
at kaniyang hahabulin sila at kayo'y magiimbot ng karangalan
kay Faraon, at sa lahat niyang hukbo; at malalaman ng
mga Egipcio, na ako ang Panginoon. At kanilang ginawang
gayon. 5 At nasabi sa hari sa Egipto, na ang bayan ay
tumakas: at ang puso ni Faraon at ng kaniyang mga lingkod
ay nagbago tungkol sa bayan, at kanilang sinabi, Ano itong
ating ginawa, na ating pinayaon ang Israel, upang huwag
na tayong mapaglingkuran? 6 At inihanda ni Faraon ang
kaniyang karro, at kaniyang ipinagsama ang kaniyang bayan:
7 At siya'y nagdala ng anim na raang piling karro, at lahat ng
mga karro sa Egipto, at ng mga kapitan na namumuno sa
lahat ng mga yaon. 8 At pinapagmatigas ng Panginoon ang
puso ni Faraon na hari sa Egipto, at hinabol niya ang mga
anak ni Israel, sapagka't ang mga anak ni Israel ay nagsialis
na may lubos na pagkakatiwala. 9 At hinabol sila ng mga
Egipcio, ng lahat ng mga kabayo at ng karro ni Faraon, at
ng kaniyang mga taong mangangabayo, at ng kaniyang
hukbo, at inabutan sila noong nakahantong sa tabi ng dagat,
na nasa siping ng Pi-hahirot, sa tapat ng Baal-zefon. 10
At nang si Faraon ay nalalapit, ay itiningin ng mga anak ni
Israel ang kanilang mga mata, at, narito, ang mga Egipcio
ay sumusunod sa kanila; at sila'y natakot na mainam: at ang
mga anak ni Israel ay humibik sa Panginoon. 11 At kanilang
sinabi kay Moises, Dahil ba sa walang libingan sa Egipto,
kung kaya dinala mo kami rito upang mamatay sa ilang?
bakit ka gumawa ng ganito sa amin, na inilabas mo kami sa
Egipto? 12 Di ba ito ang sinalita namin sa iyo sa Egipto, na
sinasabi, Pabayaan mo kami na makapaglingkod sa mga
Egipcio? Sapagka't lalong mabuti sa amin ang maglingkod
sa mga Egipcio kay sa kami ay mamatay sa ilang. 13
At sinabi ni Moises sa bayan, Huwag kayong matakot,
tumigil kayo, at tingnan ninyo ang pagliligtas ng Panginoon
na gagawin sa inyo ngayon: sapagka't ang mga Egipcio
na inyong nakikita ngayon, ay hindi na ninyo uli makikita
magpakailan man. 14 Ipakikipaglaban kayo ng Panginoon,
at kayo'y tatahimik. 15 At sinabi ng Panginoon kay Moises,
Bakit humihibik ka sa akin? salitain mo sa mga anak ni
Israel na sila'y magpatuloy na yumaon. 16 At itaas mo ang
iyong tungkod, at iunat mo ang iyong kamay sa ibabaw ng
dagat, at hawiin mo; at ang mga anak ni Israel ay dadaan
sa gitna ng dagat sa ibabaw ng lupang tuyo. 17 At ako,
narito, aking papagmamatigasin ang puso ng mga Egipcio at
susundan nila sila: at ako'y magiimbot ng karangalan kay
Faraon, at sa buo niyang hukbo, sa kaniyang mga karro, at
sa kaniyang mga nangangabayo. 18 At malalaman ng mga
Egipcio, na ako ang Panginoon, pagka ako ay nakapagimbot
ng karangalan kay Faraon, sa kaniyang mga karro, at sa
kaniyang mga nangangabayo. 19 At ang anghel ng Dios na
nasa unahan ng kampamento ng Israel, ay humiwalay at
napasa hulihan nila; at ang haliging ulap ay humiwalay sa
harap nila at lumagay sa likod nila: 20 At lumagay sa pagitan
ng kampamento ng Egipto at ng kampamento ng Israel; at
mayroong ulap at kadiliman, gayon ma'y binigyan sila ng
liwanag sa gabi at ang isa't isa ay hindi nagkalapit sa buong
magdamag. 21 At iniunat ni Moises ang kaniyang kamay sa
ibabaw ng dagat; at pinaghiwalay ng Panginoon ang dagat
sa pamamagitan ng isang malakas na hanging silanganan
ng buong magdamag, at ang dagat ay pinapaging tuyong
lupa at ang tubig ay nahawi. 22 At ang mga anak ni Israel ay
pumasok sa gitna ng dagat sa ibabaw ng tuyong lupa: at
ang tubig ay naging isang kuta sa kanila, sa kanilang kanan
at sa kanilang kaliwa. 23 At hinabol sila ng mga Egipcio, at
nagsipasok na kasunod nila sa gitna ng dagat, lahat ng mga
kabayo ni Faraon, ang kaniyang mga karro, at ang kaniyang
mga nangangabayo. 24 At nangyari, sa pagbabantay sa
kinaumagahan, na minasdan ng Panginoon ang hukbo ng
mga Egipcio sa gitna ng haliging apoy at ulap, at niligalig
ang hukbo ng mga Egipcio. 25 At inalisan ng gulong ang
kanilang mga karro, na kanilang hinila ng buong hirap: na
ano pa't sinabi ng mga Egipcio, Tumakas tayo sa harap ng
Israel: sapagka't ipinakikipaglaban sila ng Panginoon sa
mga Egipcio. 26 At sinabi ng Panginoon kay Moises, Iunat
mo ang iyong kamay sa dagat, upang ang tubig ay tumabon
sa mga Egipcio, sa kanilang mga karro, at sa kanilang mga
nangangabayo. 27 At iniunat ni Moises ang kaniyang kamay
sa dagat, at ang dagat ay nagsauli sa kaniyang dating
lakas, nang umumaga; at ang mga Egipcio ay nagsitakas,
at nilaginlin ng Panginoon ang mga Egipcio sa gitna ng
dagat. 28 At ang tubig ay nagsauli, at tinakpan ang mga
karro, at ang mga nangangabayo, sa makatuwid baga'y ang
buong hukbo ni Faraon na pumasok na sumunod sa kanila
sa dagat; walang natira kahit isa sa kanila. 29 Datapuwa't
ang mga anak ni Israel ay lumakad sa tuyong lupa sa gitna
ng dagat; at ang tubig sa kanila ay naging isang kuta sa
kanilang kanan at sa kanilang kaliwa. 30 Gayon iniligtas
ng Panginoon ang Israel ng araw na yaon sa kamay ng
mga Egipcio; at nakita ng Israel ang mga Egipcio na mga
patay sa tabi ng dagat. 31 At nakita ng Israel ang dakilang
gawa, na ginawa ng Panginoon sa mga Egipcio, at ang

bayan ay natakot sa Panginoon: at sila'y sumampalataya sa
Panginoon at sa kaniyang lingkod na kay Moises.

**15** Nang magkagayo'y inawit ni Moises at ng mga anak
ni Israel ang awit na ito sa Panginoon, at sinalita,
na sinasabi, Ako'y aawit sa Panginoon, sapagka't siya'y
nagtagumpay ng kaluwaluwalhati: Ang kabayo at ang sakay
niyaon ay kaniyang ibinulusok sa dagat. **2** Ang Panginoon
ay aking lakas at awit, At siya'y naging aking kaligtasan:
Ito'y aking Dios, at siya'y aking pupurihin. Dios ng aking
ama, at siya'y aking tatanghalin. **3** Ang Panginoo'y isang
mangdidigma: Panginoon ang kaniyang pangalan. **4** Ang
mga karro ni Faraon at ang kaniyang hukbo ay ibinulusok
niya sa dagat; At ang kaniyang mga piling kapitan ay
ipinaglulubog sa Dagat na Mapula. **5** Ang mga kalaliman
ang tumatabon sa kanila: Sila'y lumubog sa mga kalaliman,
na parang isang bato. **6** Ang iyong kanan, Oh Panginoon,
ay maluwalhati sa kapangyarihan. Ang iyong kanan, Oh
Panginoon, ay dumudurog ng kaaway. **7** At sa kalakhan
ng iyong karilagan ay ibinubuwal mo yaong bumabangon
laban sa iyo: Iyong ipinakikita ang iyong pagiinit, at nililipol
silang parang dayami. **8** At sa hihip ng iyong ilong ay
natitipon ang tubig, Ang mga agos ay nagsilagay na parang
isang bunton; Ang mga kalaliman ay namuo sa gitna
ng dagat. **9** Sinabi ng kaaway, Aking hahabulin, aking
aabutan, magbabahagi ako ng samsam, Ang aking nasa ay
masisiyahan sa kanila; Aking bubunutin ang aking tabak,
lilipulin sila ng aking kamay. **10** Ikaw ay nagpahihip ng iyong
hangin, at tinabunan sila ng dagat. Sila'y lumubog na parang
tingga sa makapangyarihang tubig. **11** Sinong gaya mo, Oh
Panginoon, sa mga dios? Sinong gaya mo, maluwalhati sa
kabanalan, Nakasisindak sa pagpuri, na gumagawa ng mga
kababalaghan? **12** Iyong iniunat ang iyong kanang kamay,
Nilamon sila ng lupa. **13** Iyong pinapatnubayan sa iyong
awa ang bayan na iyong tinubos: Sa iyong kalakasan ay
iyong inihahatid sila sa banal mong tahanan. **14** Narinig ng
mga bayan; at sila'y nanginig: Mga sakit ang kumapit sa
mga taga Filistia. **15** Nang magkagayo'y natulig ang mga
pangulo sa Edom; Sa matatapang sa Moab, ay pangingnig
ang sumasakanila: Lahat ng taga Canaan ay nauubos. **16**
Sindak at gulat ang suma-sakanila; Sa kadakilaan ng iyong
bisig ay nagiging walang kibo sila na parang bato; Hanggang
sa ang iyong bayan ay makaraan, Oh Panginoon, Hanggang
sa makaraan ang bayang ito na iyong kinamtan. **17** Sila'y
iyong papapasukin, at sila'y iyong itatayo sa bundok na
iyong pamana, Sa dako, Oh Panginoon, na iyong ginawa
sa iyo, upang iyong tahanan, Sa santuario, Oh Panginoon,
na itinatag ng iyong mga kamay. **18** Ang Panginoon ay
maghahari magpakailan man. **19** Sapagka't ang mga kabayo
ni Faraon, ay nagsipasok pati ng kaniyang mga karro at pati
ng kaniyang mga nangangabayo sa dagat, at pinapanumbalik
ng Panginoon ang tubig ng dagat sa kanila; datapuwa't
lumakad ang mga anak ni Israel sa tuyong lupa sa gitna ng
dagat. **20** At si Miriam na propetisa na kapatid ni Aaron,
ay tumangan ng isang pandereta sa kaniyang kamay; at
sumunod ang lahat ng mga babae sa kaniya, na may mga
pandereta at nagsayawan. **21** At sila'y sinagot ni Miriam,
Umawit kayo sa Panginoon, sapagka't siya'y nagtagumpay
ng kaluwaluwalhati; Ang kabayo at ang sakay niyaon ay
ibinulusok niya sa dagat. **22** At pinatnubayan ni Moises ang
Israel mula sa Dagat na Mapula, at sila'y lumabas sa ilang
ng Shur; at sila'y lumakad na tatlong araw sa ilang, at hindi
nakasumpong ng tubig. **23** At nang sila'y dumating sa Mara,
ay hindi sila makainom ng tubig sa Mara, sapagka't mapait:
kaya't ang pangalang itinawag ay Mara. **24** At inupasala
ng bayan si Moises, na sinasabi, Anong aming iinumin?
**25** At siya'y dumaing sa Panginoon; at pinapagkitaan siya
ng Panginoon ng isang puno ng kahoy, at inihagis niya sa
tubig, at ang tubig ay tumabang. Doon inatangan niya ng
palatuntunan, at ng tagubilin at doon sila sinubok niya; **26** At
sinabi, Kung iyong didinggin ng buong sikap ang tinig ng
Panginoon mong Dios, at iyong gagawin ang matuwid sa
kaniyang mga mata, at iyong didinggin ang kaniyang mga
utos, at iyong gaganapin ang lahat niyang mga palatuntunan
ay wala akong ilalagay na karamdaman sa iyo, na gaya ng
inilagay ko sa mga Egipcio: sapagka't ako ang Panginoon na
nagpapagaling sa iyo. **27** At sila'y dumating sa Elim, na doo'y
mayroong labingdalawang bukal ng tubig, at pitongpung
puno ng palma; at sila'y humantong doon sa tabi ng mga
tubig.

**16** At sila'y naglakbay mula sa Elim, at ang buong
kapisanan ng mga anak ni Israel ay dumating sa ilang
ng Sin, na nasa pagitan ng Elim at Sinai, nang ikalabing
limang araw ng ikalawang buwan, pagkatapos na sila'y
makaalis sa lupain ng Egipto. **2** At inupasala ng buong
kapisanan ng mga anak ni Israel si Moises at si Aaron
sa ilang: **3** At sinabi sa kanila ng mga anak ni Israel,
Namatay na sana kami sa pamamagitan ng kamay ng
Panginoon sa lupain ng Egipto, nang kami ay nauupo sa
tabi ng mga palyok ng karne, nang kami ay kumakain ng
tinapay hanggang sa mabusog; sapagka't kami ay inyong
dinala sa ilang na ito, upang patayin ng gutom ang buong
kapisanang ito. **4** Nang magkagayo'y sinabi ng Panginoon
kay Moises, Narito, kayo'y aking pauulanan ng pagkain
mula sa langit; at lalabasin at pupulutin ng bayan araw-
araw ang bahagi sa bawa't araw; upang aking masubok sila,
kung sila'y lalakad ng ayon sa aking kautusan, o hindi. **5**
At mangyayari sa ikaanim na araw, na sila'y maghahanda
ng kanilang dala, na ibayo ng kanilang pinupulot sa araw-

araw. 6 At sinabi ni Moises at ni Aaron sa lahat ng mga
anak ni Israel, Sa kinahapunan, ay inyong malalaman, na
ang Panginoon ay siyang naglabas sa inyo sa lupain ng
Egipto. 7 At sa kinaumagahan, ay inyo ngang makikita ang
kaluwalhatian ng Panginoon; sapagka't kaniyang naririnig
ang inyong mga pagupasala laban sa Panginoon: at ano
kami, na inyo kaming inuupasala? 8 At sinabi ni Moises,
Ito'y mangyayari, pagbibigay ng Panginoon sa inyo sa
kinahapunan ng karne na makakain, at sa kinaumagahan ng
pagkain, na makabubusog; sapagka't naririnig ng Panginoon
ang inyong mga pagupasala na inyong iniuupasala laban
sa kaniya: at ano kami? ang inyong mga pagupasala ay
hindi laban sa amin, kundi laban sa Panginoon. 9 At sinabi
ni Moises kay Aaron, Sabihin mo sa buong kapisanan ng
mga anak ni Israel, Lumapit kayo sa harap ng Panginoon;
sapagka't kaniyang narinig ang inyong mga pagupasala. 10
At nangyari, pagkapagsalita ni Aaron sa buong kapisanan
ng mga anak ni Israel, na sila'y tumingin sa dakong ilang,
at, narito, ang kaluwalhatian ng Panginoon ay lumitaw sa
ulap. 11 At ang Panginoon ay nagsalita kay Moises, na
sinasabi, 12 Aking narinig ang mga pagupasala ng mga
anak ni Israel: salitain mo sa kanila, na iyong sasabihin, Sa
kinahapunan ay kakain kayo ng karne, at sa kinaumagahan,
ay magpapakabusog kayo ng tinapay; at inyong makikilala
na ako ang Panginoon ninyong Dios. 13 At nangyari sa
kinahapunan na ang mga pugo ay nagsiahon at tinakpan
ang kampamento at sa kinaumagahan, ay nalalatag sa
palibot ng kampamento ang hamog. 14 At nang paitaas na
ang hamog na nalalatag na, narito, sa balat ng ilang ay may
munting bagay na mabilog at munti na gaya ng namuong
hamog sa ibabaw ng lupa. 15 At nang makita ng mga anak
ni Israel, ay nagsangusapan, Ano ito? sapagka't hindi nila
nalalaman kung ano yaon. At sinabi ni Moises sa kanila,
Ito ang pagkain na ibinigay ng Panginoon sa inyo upang
kanin. 16 Ito ang bagay na iniutos ng Panginoon, Pumulot
ang bawa't tao ayon sa kaniyang kain; isang omer sa bawa't
ulo, ayon sa bilang ng inyong mga tao, ang kukunin ng
bawa't tao para sa mga nasa kaniyang tolda. 17 At gayon
ginawa ng mga anak ni Israel, at may namulot ng marami, at
may kaunti. 18 At nang timbangin sa omer, ang namulot
ng marami ay walang higit, at ang namulot ng kaunti ay
hindi nagkulang; bawa't tao ay pumulot ng ayon sa kaniyang
kain. 19 At sinabi ni Moises sa kanila, Huwag magtira niyaon
ang sinoman ng hanggang sa umaga. 20 Gayon ma'y hindi
sila nakinig kay Moises; kungdi ang iba sa kanila ay nagtira
niyaon hanggang sa umaga, at inuod at bumaho; at naginit
sa kanila si Moises. 21 At sila'y namumulot tuwing umaga,
bawa't tao ayon sa kaniyang kain: at pagka ang araw ay
umiinit na, ay natutunaw. 22 At nangyari, na nang ikaanim
na araw, ay pumulot sila ng pagkain na ibayo ang dami,
dalawang omer sa bawa't isa: at lahat ng puno sa kapisanan
ay naparoon at nagsaysay kay Moises. 23 At kaniyang
sinabi sa kanila, Ito ang sinalita ng Panginoon, Bukas ay
takdang kapahingahan, banal na sabbath sa Panginoon:
ihawin ninyo ang inyong iihawin, at lutuin ninyo ang inyong
lulutuin; at lahat na lalabis ay itago ninyo sa ganang inyo, na
inyong itira hanggang sa kinabukasan. 24 At kanilang itinago
hanggang sa kinaumagahan, gaya ng iniutos ni Moises: at
hindi bumaho, ni nagkaroon ng anomang uod. 25 At sinabi
ni Moises, Kanin ninyo yaon ngayon; sapagka't ngayo'y
sabbath na ipinangingilin sa Panginoon: ngayo'y hindi kayo
makakasumpong sa parang. 26 Anim na araw na inyong
pupulutin; datapuwa't sa ikapitong araw ay sabbath, hindi
magkakaroon. 27 At nangyari sa ikapitong araw, na lumabas
ang iba sa bayan upang mamulot, at walang nasumpungan.
28 At sinabi ng Panginoon kay Moises, Hanggang kailan
tatanggihan ninyo ganapin ang aking mga utos at ang aking
mga kautusan? 29 Tingnan ninyo, na sapagka't ibinigay
ng Panginoon sa inyo ang sabbath, kung kaya't kaniyang
ibinibigay sa inyo sa ikaanim na araw ang pagkain ng
sa dalawang araw; matira ang bawa't tao sa kaniyang
kinaroroonan, huwag umalis ang sinoman sa kaniyang
kinaroroonan, sa ikapitong araw. 30 Kaya ang bayan ay
nagpahinga sa ikapitong araw. 31 At yao'y pinanganlan
ng sangbahayan ng Israel na Mana: at kaparis ng buto
ng kulantro, maputi; at ang lasa niyaon ay kasinglasa ng
manipis na tinapay na may pulot. 32 At sinabi ni Moises, Ito
ang bagay na iniutos ng Panginoon, Punuin ninyo ang isang
omer ng mana, na inyong ingatan sa buong panahon ng
inyong mga lahi; upang kanilang makita ang pagkain, na
aking ipinakain sa inyo sa ilang nang kayo'y aking ilabas
sa lupain ng Egipto. 33 At sinabi ni Moises kay Aaron,
Kumuha ka ng isang palyok at sidlan mo ng isang omer
na puno ng mana, at ilagay mo sa harap ng Panginoon,
upang maingatan sa buong panahon ng inyong mga lahi. 34
Kung paanong iniutos ng Panginoon kay Moises, ay gayon
inilagay ni Aaron sa harap ng Patotoo upang ingatan. 35 At
ang mga anak ni Israel ay kumain ng mana na apat na pung
taon, hanggang sa sila'y dumating sa lupaing tinatahanan;
sila'y kumain ng mana hanggang sa sila'y dumating sa mga
hangganan ng lupain ng Canaan. 36 Ang isang omer nga ay
ikasangpung bahagi ng isang efa.

17 At ang buong kapisanan ng mga anak ni Israel
ay naglakbay mula sa ilang ng Sin, sa kanilang
paglalakbay ayon sa utos ng Panginoon, at humantong
sa Rephidim: at walang tubig na mainom ang bayan. 2
Kaya't ang bayan ay nakipagtalo kay Moises, at nagsabi,
Bigyan mo kami ng tubig na aming mainom. At sinabi ni

Moises sa kanila, Bakit kayo nakikipagtalo sa akin? bakit
ninyo tinutukso ang Panginoon? 3 At ang bayan ay nauhaw
at inupasala ng bayan si Moises, at sinabi, Bakit mo kami
isinampa rito mula sa Egipto, upang patayin mo kami sa
uhaw, at ang aming mga anak, at ang aming kawan? 4 At si
Moises ay dumaing sa Panginoon, na nagsasabi, Anong
aking gagawin sa bayang ito? kulang na lamang batuhin
nila ako. 5 At sinabi ng Panginoon kay Moises, Dumaan
ka sa harap ng bayan, at ipagsama mo ang mga matanda
sa Israel; at ang iyong tungkod na iyong ipinalo sa ilog,
ay tangnan mo sa iyong kamay, at yumaon ka. 6 Narito,
ako'y tatayo sa harap mo roon sa ibabaw ng bato sa Horeb;
at iyong papaluin ang bato, at lalabasan ng tubig, upang
ang bayan ay makainom. At gayon ginawa ni Moises sa
paningin ng mga matanda sa Israel. 7 At tinawag nila ang
pangalan ng dakong yaon, na Massah at Meribah, dahil sa
pakikipagtalo ng mga anak ni Israel, at dahil sa kanilang
tinukso ang Panginoon, na kanilang sinasabi, Ang Panginoon
ba'y nasa gitna natin o wala? 8 Nang magkagayo'y dumating
si Amalec, at nakipaglaban sa Israel sa Rephidim. 9 At sinabi
ni Moises kay Josue, Ipili mo tayo ng mga lalake, at ikaw ay
lumabas, lumaban ka kay Amalec; bukas ay tatayo ako sa
taluktok ng burol, na aking tangan ang tungkod ng Dios sa
aking kamay. 10 Gayon ginawa ni Josue, gaya ng sinabi ni
Moises sa kaniya, at lumaban kay Amalec: at si Moises, si
Aaron at si Hur ay sumampa sa taluktok ng burol. 11 At
nangyari, pagka itinataas ni Moises ang kaniyang kamay,
ay nananaig ang Israel: at pagka kaniyang ibinababa ang
kaniyang kamay, ay nananaig si Amalec. 12 Datapuwa't ang
mga kamay ni Moises ay nangalay; at sila'y kumuha ng isang
bato, at inilagay sa ibaba, at kaniyang inupuan; at inalalayan
ni Aaron at ni Hur ang kaniyang mga kamay, ang isa'y sa
isang dako, at ang isa'y sa kabilang dako; at ang kaniyang
mga kamay ay nalagi sa itaas hanggang sa paglubog ng
araw. 13 At nilito ni Josue si Amalec, at ang kaniyang
bayan, sa pamamagitan ng talim ng tabak. 14 At sinabi
ng Panginoon kay Moises, Isulat mo ito na pinakaalaala
sa isang aklat, at ipagbigay alam mo kay Josue na aking
ipalilimot ang pagalaala kay Amalec sa silong ng langit. 15
At nagtayo si Moises ng isang dambana, at pinanganlang
Jehovanissi. 16 At kaniyang sinabi, Isinumpa ng Panginoon:
ang Panginoon ay makikipagdigma kay Amalec sa buong
panahon ng lahi nito.

**18** Si Jethro nga, saserdote sa Madian, biyanan ni Moises,
ay nakabalita ng lahat na ginawa ng Dios kay Moises,
at sa Israel na kaniyang bayan, kung paanong inilabas ng
Panginoon ang Israel sa Egipto. 2 At ipinagsama ni Jethro,
na biyanan ni Moises, si Sephora na asawa ni Moises,
pagkatapos na kaniyang maipadala sa kanilang ama, 3 At
ang dalawa niyang anak na lalake: na ang pangalan ng isa'y
Gersom; sapagka't sinabi ni Moises, Ako'y nakipamayan sa
ibang bayan. 4 At ang pangalan ng isa'y Elieser; sapagka't
kaniyang sinabi, Ang Dios ng aking ama'y naging aking
saklolo, at ako'y iniligtas sa tabak ni Faraon; 5 At si Jethro,
na biyanan ni Moises, ay dumating, na kasama ang kaniyang
mga anak at ang kaniyang asawa, kay Moises sa ilang
na kaniyang hinantungan sa tabi ng bundok ng Dios: 6
At kaniyang ipinasabi kay Moises, Akong iyong biyanang
si Jethro ay naparito sa iyo, at ang iyong asawa, at ang
kaniyang dalawang anak na kasama niya. 7 At si Moises ay
lumabas na sinalubong ang kaniyang biyanan, at kaniyang
niyukuran at hinalikan. At sila'y nagtanungang isa't isa ng
kanilang kalagayan; at sila'y pumasok sa tolda. 8 At isinaysay
ni Moises sa kaniyang biyanan ang lahat ng ginawa ng
Panginoon kay Faraon at sa mga Egipcio dahil sa Israel,
ang buong hirap na kanilang naranasan sa daan, at kung
paanong iniligtas ng Panginoon sila. 9 At ikinagalak ni Jethro
ang buong kabutihang ginawa ng Panginoon sa Israel, na
iniligtas sila sa kamay ng mga Egipcio. 10 At sinabi ni Jethro,
Purihin ang Panginoon, na nagligtas sa inyo, sa kamay ng
mga Egipcio, at sa kamay ni Faraon; na siyang nagligtas
sa bayan sa kamay ng mga Egipcio. 11 Ngayo'y aking
natatalastas na ang Panginoon ay lalong dakila kay sa lahat
ng mga dios: oo, sa bagay na ipinagpalalo ng mga Egipcio
laban sa mga Hebreo. 12 At si Jethro, na biyanan ni Moises,
ay kumuha ng handog na susunugin at mga hain para sa
Dios: at si Aaron ay naparoon, at ang lahat ng mga matanda
sa Israel, upang kumain ng tinapay na kasalo ng biyanan ni
Moises sa harap ng Dios. 13 At nangyari kinabukasan, na
lumuklok si Moises upang hatulan ang bayan: at ang bayan
ay tumayo sa palibot ni Moises mula sa umaga hanggang
sa hapon. 14 At nang makita ng biyanan ni Moises ang
lahat ng kaniyang ginagawa sa bayan, ay nagsabi, Anong
bagay itong ginagawa mo sa bayan? bakit nauupo kang
magisa, at ang buong bayan ay nakatayo sa palibot mo
mula sa umaga hanggang sa hapon? 15 At sinabi ni Moises
sa kaniyang biyanan, Sapagka't ang bayan ay lumalapit
sa akin, upang sumangguni sa Dios. 16 Pagka sila'y may
usap ay lumapit sa akin; at aking hinahatulang isa't isa, at
aking ipinakikilala sa kanila ang mga palatuntunan ng Dios,
at ang kaniyang mga kautusan. 17 At sinabi ng biyanan
ni Moises sa kaniya, Ang bagay na iyong ginagawa ay
hindi mabuti. 18 Tunay na ikaw ay manghihina, ikaw at ang
bayang ito, na nasa iyo: sapagka't ang bagay ay totoong
mabigat sa iyo; hindi mo makakayang magisa. 19 Dinggin
mo ngayon ang aking tinig; papayuhan kita, at sumaiyo
nawa ang Dios: ikaw ang maging tagapagakay sa bayan
sa harap ng Dios, at dalhin mo ang mga usap sa Dios: 20

At ituturo mo sa kanila ang mga palatuntunan, at ang mga
kautusan, at ipakikilala mo sa kanila ang daang nararapat
lakaran, at ang gawang kanilang nararapat gawin. 21 Bukod
dito'y hahanap ka sa buong bayan ng mga taong bihasa,
gaya ng matatakutin sa Dios, na mga taong mapagpatotoo,
na mga napopoot sa kasakiman; at siyang mga ilagay mo
sa kanila, na magpuno sa mga lilibuhin, magpuno sa mga
dadaanin, magpuno sa mga lilimangpuin, at magpuno sa
mga sasangpuin: 22 At pahatulan mo sa kanila ang bayan
sa buong panahon: at mangyayari, na bawa't malaking usap
ay dadalhin nila sa iyo, datapuwa't bawa't munting usap, ay
silasila ang maghahatulan: sa ganyan ay magiging magaan
sa iyo, at magpapasan silang katulong mo. 23 Kung gagawin
mo ang bagay na ito, at iuutos sa iyong ganyan ng Dios
ay iyo ngang mababata, at ang buong bayan namang ito
ay uuwing payapa. 24 Sa gayon, ay dininig ni Moises ang
kaniyang biyanan, at ginawang lahat yaong sinabi. 25 At
pumili si Moises ng mga lalaking bihasa sa buong Israel, at
ginawa niyang pangulo sa bayan, na mga puno ng lilibuhin,
mga puno ng dadaanin, mga puno ng lilimangpuin, at mga
puno ng sasangpuin. 26 At kanilang hinatulan ang bayan sa
buong panahon: ang mabibigat na usap ay kanilang dinadala
kay Moises, datapuwa't bawa't munting usap ay silasila
ang naghahatulan. 27 At tinulutan ni Moises ang kaniyang
biyanan na magpaalam at siya'y umuwi sa sariling lupain.

**19** Sa ikatlong buwan, pagkatapos na ang mga anak ni
Israel ay makaalis sa lupain ng Egipto, ay dumating sila
ng araw ding yaon sa ilang ng Sinai. 2 At nang sila'y umalis
sa Rephidim, at dumating sa ilang ng Sinai, ay humantong
sila sa ilang; at doo'y humantong ang Israel sa harap ng
bundok. 3 At si Moises ay lumapit sa Dios, at tinawag ng
Panginoon siya mula sa bundok, na sinasabi, Ganito mo
sasabihin sa sangbahayan ni Jacob, at sasaysayin sa mga
anak ni Israel. 4 Inyong nakita ang aking ginawa sa mga
Egipcio, at kung paanong dinala ko kayo sa mga pakpak
ng agila, at kayo'y inilapit ko sa akin din. 5 Kaya't ngayon,
kung tunay na inyong susundin ang aking tinig, at iingatan
ang aking tipan, ay magiging isang tanging kayamanan nga
kayo sa akin, na higit sa lahat ng bayan: sapagka't ang
buong lupa ay akin; 6 At kayo'y magiging isang kaharian ng
mga saserdote sa akin, at isang banal na bansa. Ito ang
mga salita na inyong sasalitaan sa mga anak ni Israel. 7 At
dumating si Moises at tinawag ang mga matanda sa bayan,
at ipinahayag sa harap nila ang lahat ng salitang ito na
iniutos ng Panginoon sa kaniya. 8 At ang buong bayan ay
sumagot na magkakaisa, at nagsabi, Yaong lahat na sinalita
ng Panginoon ay aming gagawin. At ipinagbigay alam ni
Moises ang mga salita ng bayan sa Panginoon. 9 At sinabi
ng Panginoon kay Moises, Narito ako'y naparirito sa iyo
sa isang salimuot na ulap upang marinig ng bayan pagka
ako'y magsasalita sa iyo, at paniwalaan ka rin naman nila
magpakailan man. At sinalita ni Moises ang mga salita ng
bayan sa Panginoon. 10 At sinabi ng Panginoon kay Moises,
Pumaroon ka sa bayan at papagbanalin mo sila ngayon at
bukas at labhan nila ang kanilang mga damit, 11 At humanda
sa ikatlong araw: sapagka't sa ikatlong araw ay bababa
ang Panginoon sa paningin ng buong bayan sa ibabaw ng
bundok ng Sinai. 12 At lalagyan mo ng mga hangganan
ang bayan sa palibot, na iyong sasabihin, Magingat kayo,
na kayo'y huwag sumampa sa bundok, o sumalang sa
hangganan: sinomang sumalang sa bundok ay papatayin
na walang pagsala: 13 Walang kamay na hihipo sa kaniya,
kundi, siya'y tunay na babatuhin, o papanain; maging hayop
o tao ay hindi mabubuhay: pagka ang pakakak ay tumunog
ng maluwat ay sasampa sila sa bundok. 14 At bumaba si
Moises sa bayan mula sa bundok, at pinakabanal ang bayan,
at sila'y naglaba ng kanilang mga damit. 15 At kaniyang
sinabi sa bayan, humanda kayo sa ikatlong araw; huwag
kayong sumiping sa babae. 16 At nangyari ng ikatlong araw,
ng umaga, na kumulog at kumidlat, at may isang salimuot
na ulap sa ibabaw ng bundok, at ang tunog ng pakakak ay
napakalakas; at ang buong bayan na nasa kampamento ay
nanginig. 17 At inilabas ni Moises ang bayan sa kampamento
upang salubungin ang Dios; at sila'y tumayo sa paanan ng
bundok. 18 At ang buong bundok ng Sinai ay umuusok,
sapagka't ang Panginoon ay bumaba sa ibabaw niyaon na
nasa apoy: at ang usok niyaon ay napaiilanglang na parang
usok ng isang hurno, at ang buong bundok ay umuugang
mainam. 19 At nang lumalakas ng lumalakas ang tunog ng
pakakak ay nagsasalita si Moises, at sinasagot siya ng Dios
sa pamamagitan ng tinig. 20 At ang Panginoon ay bumaba
sa ibabaw ng bundok ng Sinai, sa taluktok ng bundok; at
tinawag ng Panginoon si Moises sa taluktok ng bundok; at si
Moises ay sumampa. 21 At sinabi ng Panginoon kay Moises,
Bumaba ka, pagbilinan mo ang bayan, baka sila'y lumagpas
upang makita ang Panginoon, at mamatay ang karamihan
sa kanila. 22 At gayon din ang mga saserdote, na lumalapit
sa Panginoon ay papagbanalin mo, baka ang Panginoon
ay hindi makapagpigil sa kanila. 23 At sinabi ni Moises sa
Panginoon, Ang baya'y hindi makasasampa sa bundok ng
Sinai: sapagka't iyong pinagbilinan kami, na iyong sinabi,
lagyan mo ng hangganan sa palibot ang bundok, at iyong
ariing banal. 24 At sinabi ng Panginoon sa kaniya, Yumaon
ka, bumaba ka; at ikaw ay sasampa, ikaw at si Aaron na
iyong kasama: nguni't ang mga saserdote at ang bayan ay
huwag lumampas sa mga hangganan upang lumapit sa
Panginoon, baka siya ay hindi makapagpigil sa kanila. 25 Sa
gayo'y bumaba si Moises sa bayan at isinaysay sa kanila.

**20** At sinalita ng Dios ang lahat ng salitang ito, na sinasabi,
2 Ako ang Panginoon mong Dios, na naglabas sa iyo
sa lupain ng Egipto, sa bahay ng pagkaalipin. 3 Huwag kang
magkakaroon ng ibang mga dios sa harap ko. 4 Huwag kang
gagawa para sa iyo ng larawang inanyuan o ng kawangis
man ng anomang anyong nasa itaas sa langit, o ng nasa
ibaba sa lupa, o ng nasa tubig sa ilalim ng lupa: 5 Huwag
mong yuyukuran sila, o paglingkuran man sila; sapagka't
akong Panginoon mong Dios, ay Dios na mapanibughuin, na
aking dinadalaw ang katampalasanan ng mga magulang
sa mga anak, hanggang sa ikatlo at ikaapat na salin ng
lahi ng mga napopoot sa akin; 6 At pinagpapakitaan ko ng
kaawaan ang libolibong umiibig sa akin at tumutupad ng
aking mga utos. 7 Huwag mong babanggitin ang pangalan
ng Panginoon mong Dios sa walang kabuluhan; sapagka't
hindi aariin ng Panginoong walang sala ang bumanggit ng
kaniyang pangalan sa walang kabuluhan. 8 Alalahanin mo
ang araw ng sabbath upang ipangilin. 9 Anim na araw na
gagawa ka at iyong gagawin ang lahat ng iyong gawain. 10
Nguni't ang ikapitong araw ay sabbath sa Panginoon mong
Dios: sa araw na iyan ay huwag kang gagawa ng anomang
gawa, ikaw, ni ang iyong anak na lalake ni babae, ni ang
iyong aliping lalake ni babae, ni ang iyong baka, ni ang iyong
tagaibang lupa na nasa loob ng iyong mga pintuang daan:
11 Sapagka't sa anim na araw ay ginawa ng Panginoon
ang langit at lupa, ang dagat, at lahat ng nangaroon, at
nagpahinga sa ikapitong araw; na ano pa't pinagpala ng
Panginoon ang araw ng sabbath, at pinakabanal. 12 Igalang
mo ang iyong ama at ang iyong ina: upang ang iyong mga
araw ay tumagal sa ibabaw ng lupa na ibinibigay sa iyo ng
Panginoon mong Dios. 13 Huwag kang papatay. 14 Huwag
kang mangangalunya. 15 Huwag kang magnanakaw. 16
Huwag kang magbibintang sa iyong kapuwa. 17 Huwag
mong iimbutin ang bahay ng iyong kapuwa, huwag mong
iimbutin ang asawa ng iyong kapuwa, ni ang kaniyang aliping
lalake o babae, ni ang kaniyang baka, ni ang kaniyang asno,
ni anomang bagay ng iyong kapuwa. 18 At nakikita ng buong
bayan ang mga kulog, at ang mga kidlat, at ang tunog ng
pakakak at ang bundok na umuusok: at nang makita ng
bayan, ay nanginig sila, at tumayo sa malayo. 19 At sinabi
nila kay Moises, Magsalita ka sa amin, at aming didinggin:
datapuwa't huwag magsalita ang Dios sa amin, baka kami ay
mamatay. 20 At sinabi ni Moises sa bayan, Huwag kayong
matakot: sapagka't ang Dios ay naparito upang subukin
kayo, at upang ang takot sa kaniya ay sumainyo, upang
huwag kayong magkasala. 21 At ang bayan ay tumayo sa
malayo, at si Moises ay lumapit sa salimuot na kadiliman
na kinaroroonan ng Dios. 22 At sinabi ng Panginoon kay
Moises, Ganito mo sasabihin sa mga anak ni Israel: Kayo
ang nakakita na ako'y nakipagusap sa inyo mula sa langit.
23 Huwag kayong gagawa ng ibang mga dios na iaagapay
sa akin; ng mga dios na pilak, o ng mga dios na ginto,
huwag kayong gagawa para sa inyo. 24 Isang dambanang
lupa ang inyong gagawin sa akin, at inyong ihahain doon
ang inyong mga handog na susunugin, at ang inyong mga
handog tungkol sa kapayapaan, ang inyong mga tupa, at
ang inyong mga baka sa lahat ng dakong aking ipaaalaala
ang aking pangalan, ay paparoonan kita at pagpapalain kita.
25 At kung igagawa mo ako ng isang dambanang bato, ay
huwag mong itatayong may tapyas: sapagka't kung iyong
gamitin ang iyong patalim doon, ay iyong nilapastangan
yaon. 26 Ni huwag kang sasampa sa aking dambana sa
pamamagitan ng mga baytang, upang ang inyong kahubaran
ay huwag malitaw sa ibabaw niyaon.

**21** Ito nga ang mga hatol na igagawad mo sa harap nila.
2 Kung ikaw ay bumili ng isang aliping Hebreo, ay anim
na taong maglilingkod siya; at sa ikapito ay aalis siyang laya
na walang sauling bayad. 3 Kung siya'y pumasok na magisa,
ay aalis na mag-isa: kung may asawa ay aalis nga ang
kaniyang asawa na kasama niya. 4 Kung siya'y bigyan ng
kaniyang panginoon ng asawa, at magkaanak sa kaniya ng
mga lalake, o mga babae; ang asawa at ang kaniyang mga
anak ay magiging sa kaniyang panginoon, at siya'y aalis
na magisa. 5 Datapuwa't kung maliwanag na sabihin ng
alipin, Aking iniibig ang aking panginoon, ang aking asawa,
at ang aking mga anak; ako'y hindi aalis na laya: 6 Kung
magkagayo'y dadalhin siya ng kaniyang panginoon sa Dios,
at dadalhin siya sa pinto, o sa haligi ng pinto; at bubutasan
ng kaniyang panginoon ang kaniyang tainga ng isang
pangbutas; at paglilingkuran niya siya magpakailan man. 7
At kung ipagbili ng isang lalake ang kaniyang anak na babae
na maging alipin, ay hindi siya aalis na gaya ng pagalis ng
mga aliping lalake. 8 Kung siya'y hindi makapagpalugod sa
kaniyang panginoon, na umayaw magasawa sa kaniya, ay
ipatutubos nga niya siya: walang kapangyarihang ipagbili
siya sa isang taga ibang lupa, yamang siya'y nadaya. 9
At kung pinapag-asawa ng bumili sa kaniyang anak na
lalake, ay kaniyang ipalalagay siya ng ayon sa kaugalian
sa mga anak na babae. 10 Kung siya'y magasawa sa iba,
ang kaniyang pagkain, ang kaniyang damit at ang kaniyang
kapangyarihang pagkaasawa ay hindi niya babawasan. 11
At kung hindi niya gawin ang tatlong bagay na ito sa kaniya
ay aalis nga siya na walang bayad, na walang tubos na
salapi. 12 Ang sumakit sa isang tao, na ano pa't mamatay ay
papataying walang pagsala. 13 At kung hindi sinasadya ng
isang tao, kundi Dios ang naghulog sa kaniyang kamay;
ay lalaanan kita ng isang dako na kaniyang tatakasan. 14
At kung magtangka ang sinoman sa kaniyang kapuwa, na

pumatay na may daya, ay alisin mo siya sa aking dambana,
upang patayin. 15 At ang sumakit sa kaniyang ama o sa
kaniyang ina, ay papataying walang pagsala. 16 At ang
magnakaw ng isang tao, at ipagbili, o masumpungan sa
kaniyang kamay, ay papataying walang pagsala. 17 At ang
lumait sa kaniyang ama, o sa kaniyang ina, ay papataying
walang pagsala. 18 At kung may magbabag, at saktan ng isa
ang isa, ng bato, o ng kaniyang suntok, at hindi mamatay,
kundi mahiga lamang sa banig: 19 Kung makabangon uli, at
makalakad sa tulong ng kaniyang tungkod, ay ligtas nga
yaong sumakit sa kaniya; pagbabayaran lamang niya ang
panahong nasayang, at kaniyang pagagalinging maigi. 20
At kung saktan ng sinoman ang kaniyang aliping lalake
o babae, ng tungkod at mamatay sa kaniyang kamay; ay
parurusahan siyang walang pagsala. 21 Gayon ma'y kung
tumagal ng isang araw o dalawa, ay hindi siya parurusahan:
sapagka't siya'y kaniyang salapi. 22 At kung may magbabag,
at makasakit ng isang babaing buntis, na ano pa't makunan,
at gayon ma'y walang karamdamang sumunod: ay tunay na
papagbabayarin siya, ayon sa iatang sa kaniya ng asawa ng
babae; at siya'y magbabayad ng ayon sa ipasiya ng mga
hukom. 23 Datapuwa't kung may anomang karamdamang
sumunod, magbabayad ka nga ng buhay kung buhay, 24
Mata kung mata, ngipin kung ngipin, kamay kung kamay,
paa kung paa, 25 Paso kung paso, sugat kung sugat,
bugbog kung bugbog. 26 At kung saktan ng sinoman ang
mata ng kaniyang aliping lalake, o ang mata ng kaniyang
aliping babae at mabulag, ay kaniyang palalayain dahil sa
kaniyang mata. 27 At kung kaniyang bungalan ang kaniyang
aliping lalake, o babae, ay kaniyang palalayain dahil sa
kaniyang ngipin. 28 At kung ang isang baka ay manuwag ng
isang lalake o ng isang babae, na ano pa't mamatay, ay
babatuhing walang pagsala ang baka at ang kaniyang lama'y
hindi kakanin; datapuwa't ang may-ari ng baka ay maliligtas.
29 Datapuwa't kung ang baka ay dating manunuwag sa
panahong nakaraan, at naisumbong na sa may-ari at hindi
niya kinulong, na ano pa't makamatay ng isang lalake, o
isang babae: ay babatuhin ang baka at ang may-ari naman
ay papatayin. 30 Kung siya'y atangan ng katubusan ay
magbibigay nga siya ng katubusan sa kaniyang buhay
anomang iatang sa kaniya. 31 Maging manuwag sa isang
anak na lalake o babae man, ay gagawin sa kaniya ayon sa
kahatulang ito. 32 Kung ang baka ay manuwag sa isang
aliping lalake o babae, ay magbabayad ang may-ari ng
tatlong pung siklong pilak sa kanilang panginoon, at ang
baka ay babatuhin. 33 At kung ang sinoman ay magbubukas
ng isang balon, o huhukay ng isang balon at hindi tatakpan,
at ang isang baka, o ang isang asno ay mahulog sa loob,
34 Ay sasaulian ng may-ari ng balon; magbabayad siya ng
salapi sa may-ari ng mga yaon, at ang patay na hayop
ay magiging kaniya. 35 At kung ang baka ng sinoman ay
sumakit sa baka ng iba, na ano pa't mamatay; ay kanila
ngang ipagbibili ang bakang buhay, at kanilang paghahatiin
ang halaga niyaon; at ang patay ay paghahatiin din nila.
36 O kung kilala, na ang baka ay dating manunuwag sa
panahong nakaraan, at hindi kinulong ng may-ari; ay tunay
ngang magbabayad siya, ng baka kung baka, at ang patay
na hayop ay magiging kaniyang sarili.

22 Kung ang isang lalake ay magnakaw ng isang baka,
o ng isang tupa at patayin, o ipagbili: ay kaniyang
pagbabayaran ng limang baka ang isang baka, at ng apat
na tupa ang isang tupa. 2 Kung ang isang magnanakaw
ay masumpungan, na naninira, at masaktan na ano pa't
namatay ay hindi aariing mamamataytao ang pumatay. 3
Kung sikatan siya ng araw, ay aariin siyang mamamataytao;
siya'y dapat magsauli ng kabayaran: kung siya'y wala ay
ipagbibili siya dahil sa kaniyang ninakaw. 4 Kung ang
ninakaw ay masumpungang buhay sa kaniyang kamay,
maging baka, o asno, o tupa, ay magbabayad siya ng
ibayo. 5 Kung ang sinoman ay magpastol sa isang bukid,
o sa isang ubasan, at pawalan ang kaniyang hayop at
pastulin sa bukid ng iba; sa pinakamainam sa kaniyang
sariling parang, at sa pinakamainam sa kaniyang sariling
ubasan, ay sasaulian niya. 6 Kung may magningas na
apoy, at magtangay ng mga tinik, na ano pa't ang mga
mandala, o ang mga uhay, o ang bukid ay masunog, ay
tunay na magbabayad yaong nagpaningas ng apoy. 7
Kung ang sinoman ay magpatago sa kaniyang kapuwa ng
salapi o pag-aari, at nakawin sa bahay ng taong yaon; kung
masumpungan ang magnanakaw, ay magbabayad ng ibayo.
8 Kung hindi masumpungan ang magnanakaw, ay lalapit
ang may-ari ng bahay sa Dios, upang maalaman kung hindi
niya pinakialaman ang pag-aari ng kaniyang kapuwa. 9
Sapagka't lahat ng bagay na pagsalangsang, maging sa
baka, sa asno, sa tupa, sa damit, o sa anomang bagay na
nawala, na may magsabi, Ito nga ay akin; ay dadalhin sa
harap ng Dios ang usap ng dalawa; yaong parurusahan
ng Dios ay magbabayad ng ibayo sa kaniyang kapuwa.
10 Kung ang sinoman ay maghabilin sa kaniyang kapuwa
ng isang asno, o ng isang baka, o ng isang tupa, o ng
anomang hayop; at mamatay, o masasaktan, o maagaw,
na walang nakakakitang sinoman: 11 Ay pamamagitanan
silang dalawa ng pagsumpa sa Panginoon kung hindi
niya pinakialaman ang pag-aari ng kaniyang kapuwa; at
tatanggapin ng may-ari, at siya'y hindi magsasauli. 12
Datapuwa't kung kaniyang ninakaw sa kaniya ay sasaulian
niya ang may-ari niyaon. 13 Kung nalapa ay dadalhing
pinakapatotoo, at hindi sasaulian ang nalapa. 14 At kung

ang sinoman ay humiram ng anoman sa kaniyang kapuwa,
at masaktan, o mamatay, na hindi kaharap ang may-ari, ay
walang pagsala na siya'y magsasauli. 15 Kung ang may-
ari niyaon ay kaharap, ay hindi niya sasaulian; kung isang
bagay na pinauupahan ay ihuhulog sa kaniyang kaupahan.
16 At kung dayain ng isang lalake ang isang dalaga, na
hindi pa niya nagiging asawa at kaniyang sipingan, ay tunay
na kaniyang ipagbabayad ng bigay-kaya upang maging
asawa niya. 17 Kung itangging mainam ng kaniyang ama na
ibigay sa kaniya, ay magbabayad siya ng salapi, ayon sa
bigay-kaya sa mga dalaga. 18 Huwag mong babatahing
mabuhay ang isang babaing manggagaway. 19 Sinomang
makiapid sa isang hayop ay papataying walang pagsala. 20
Yaong maghain sa anomang dios, maliban sa Panginoon
lamang, ay lubos na papatayin. 21 At ang taga ibang lupa ay
huwag mong aapihin, o pipighatiin man; sapagka't kayo'y
naging taga ibang lupa sa lupain ng Egipto. 22 Huwag
mong papagdadalamhatiin ang sinomang babaing bao, o
ulila. 23 Kung iyong dalamhatiin sila sa anomang paraan,
at sila'y dumaing sa akin, ay walang pagsala, na aking
didinggin ang kanilang daing; 24 At ang aking pagiinit ay
magaalab, at aking papatayin kayo ng tabak; at ang inyong
mga asawa ay magiging mga bao, at ang inyong mga anak
ay mga ulila. 25 Kung magpautang ka ng salapi sa kanino
man sa aking bayan na kasama mo na dukha, huwag kang
magpapakamanunubo sa kaniya ni hihingan mo man siya ng
tubo. 26 Kung iyong tanggapin sa anoman ang damit ng
iyong kapuwa na pinakasangla, ay iyong isasauli sa kaniya
bago lumubog ang araw; 27 Sapagka't iyan ang kaniya
lamang pangbihis, siyang kaniyang pangdamit sa kaniyang
balat: ano ngang kaniyang ipangtutulog? at mangyayari, na
pagka siya'y dumaing sa akin, ay aking didinggin; sapagka't
ako'y mapagbiyaya. 28 Huwag mong lalapastanganin ang
Dios, ni susumpain man ang pinuno sa iyong bayan. 29
Huwag kang magmamakupad ng paghahandog ng iyong
mga ani, at ng tulo ng iyong mga pigaan. Ang panganay
sa iyong mga anak na lalake ay ibibigay mo sa akin. 30
Gayon din ang gagawin mo sa iyong mga baka, at sa
iyong mga tupa: pitong araw na mapapa sa kaniyang ina;
sa ikawalong araw ay ibibigay mo sa akin. 31 At kayo'y
magpapakabanal na tao sa akin: na ano pa't huwag kayong
kakain ng anomang laman, na nalapa ng ganid sa parang;
inyong ihahagis sa mga asno.

**23** Huwag kang magkakalat ng kasinungalingan: huwag
kang makikipagkayari sa masama, na maging saksi
kang sinungaling. 2 Huwag kang susunod sa karamihan
na gumawa ng masama; ni magbibigay patotoo man sa
isang usap, na ang kiling ay sa karamihan upang sirain
ang kahatulan: 3 Ni huwag mo ring kikilingan ang dukha sa
kaniyang usap. 4 Kung iyong masumpungan ang baka ng
iyong kaalit o ang kaniyang asno, na nakawala, ay tunay na
ibabalik mo sa kaniya. 5 Kung iyong makita ang asno ng
napopoot sa iyo, na nakalugmok sa ilalim ng kaniyang pasan,
at ayaw mo mang alisan ng pasan, ay walang pagsalang
iyong tutulungan pati ng may-ari niyaon. 6 Huwag mong
sisirain ang kahatulan ng iyong dukha, sa kaniyang usap. 7
Layuan mo ang bagay na kasinungalingan, at ang walang
sala at ang matuwid, ay huwag mong papatayin: sapagka't
hindi ko patototohanan ang masama. 8 At huwag kang
tatanggap ng suhol: sapagka't ang suhol ay bumubulag sa
mga may paningin, at sinisira ang mga salita ng mga banal. 9
At ang taga ibang lupa ay huwag mong pipighatiin sapagka't
talastas ninyo ang puso ng taga ibang lupa, yamang kayo'y
naging mga taga ibang lupa, sa lupain ng Egipto. 10 Anim
na taong hahasikan mo ang iyong lupa at aanihin mo ang
bunga niyaon: 11 Datapuwa't sa ikapitong taon ay iyong
iiwan at babayaan, upang kumain ang dukha sa iyong
bayan: at ang kanilang iwan ay kakanin ng hayop sa bukid.
Gayon din ang iyong gagawin sa iyong ubasan at sa iyong
olibohan. 12 Anim na araw, na iyong gagawin ang iyong
gawain, at sa ikapitong araw, ay magpapahinga ka: upang
ang iyong baka at ang iyong asno ay makapagpahinga; at
ang anak na lalake ng iyong aliping babae, at ang taga
ibang lupa ay makapagpahinga. 13 At lahat ng mga bagay
na aking sinabi sa inyo ay inyong ingatan: at huwag ninyong
banggitin ang pangalan ng ibang dios, o marinig man sa
inyong bibig. 14 Makaitlong magdidiwang ka ng pista sa
akin, sa bawa't taon. 15 Ang pista ng tinapay na walang
lebadura ay iyong ipagdidiwang; pitong araw na kakain
ka ng tinapay na walang lebadura, gaya ng iniutos ko sa
iyo, sa takdang panahon, sa buwan ng Abib (sapagka't
niyaon ka umalis sa Egipto); at walang lalapit sa harap
ko na walang dala: 16 At ang pista ng pagaani ng mga
unang bunga ng iyong kapagalan, na iyong inihasik sa
bukid: at ang pista ng pagaani, sa katapusan ng taon, nang
pagaani mo ng iyong kapagalan sa bukid. 17 Makaitlo sa
bawa't taon na ang lahat na iyong mga lalake ay haharap sa
Panginoong Dios. 18 Huwag mong ihahandog ang dugo ng
hain sa akin, na kasabay ng tinapay na may lebadura; o
iiwan mo man ang taba ng aking pista sa buong magdamag
hanggang sa kinaumagahan. 19 Ang mga pinakauna ng
mga unang bunga ng iyong lupa ay iyong ipapasok sa
bahay ng Panginoon mong Dios. Huwag mong lulutuin ang
batang kambing sa gatas ng kaniyang ina. 20 Narito, aking
sinusugo ang isang anghel sa unahan mo, upang ingatan
ka sa daan, at upang dalhin ka sa dakong aking inihanda
sa iyo. 21 Magingat kayo sa kaniya, at dinggin ninyo ang
kaniyang tinig; huwag ninyong mungkahiin siya: sapagka't

hindi niya patatawarin ang inyong pagsalangsang; sapagka't
ang aking pangalan ay nasa kaniya. 22 Datapuwa't kung
didinggin mong lubos ang kaniyang tinig, at gagawin mo ang
lahat ng aking sinasalita; ay magiging kaaway nga ako ng
iyong mga kaaway, kaalit ng iyong mga kaalit. 23 Sapagka't
ang aking anghel ay magpapauna sa iyo at dadalhin ka sa
Amorrheo, at sa Hetheo at sa Perezeo, at sa Cananeo, at
sa Heveo, at sa Jebuseo, at aking lilipulin. 24 Huwag kang
yuyukod sa kanilang mga dios, o maglilingkod man sa mga
yaon, o gagawa man ng ayon sa kanilang mga gawa, kundi
iyong iwawaksi at iyong pagpuputulputulin ang kanilang
mga haligi na pinakaalaala. 25 At inyong paglilingkuran ang
Panginoon ninyong Dios, at kaniyang babasbasan ang iyong
tinapay at ang iyong tubig; at aking aalisin ang sakit sa gitna
mo. 26 Walang babaing makukunan, o magiging baog man,
sa iyong lupain: ang bilang ng iyong mga araw ay aking
lulubusin. 27 Aking susuguin ang sindak sa unahan mo, at
aking liligaligin ang buong bayan na iyong paroroonan, at
aking patatalikurin sa iyo ang lahat ng iyong mga kaaway.
28 At aking susuguin ang mga putakti sa unahan mo, na
magpapalayas sa Heveo, sa Cananeo at sa Hetheo, sa
harap mo. 29 Hindi ko palalayasin sila sa harap mo sa isang
taon; baka ang lupa'y maging ilang, at ang mga ganid sa
parang ay magsidami laban sa iyo. 30 Untiunting aking
palalayasin sila sa harap mo, hanggang sa ikaw ay kumapal
at manahin mo ang lupain. 31 At aking itatatag ang iyong
hangganan na mula sa Dagat na Mapula hanggang sa dagat
ng Filistia at mula sa ilang hanggang sa Ilog ng Eufrates:
sapagka't aking ibibigay ang mga nananahan sa lupain
sa iyong kamay, at iyo silang palalayasin sa harap mo.
32 Huwag kang makikipagtipan sa kanila, ni sa kanilang
mga dios. 33 Sila'y hindi tatahan sa iyong lupain, baka
papagkasalahin ka nila laban sa akin: sapagka't kung ikaw
ay maglingkod sa kanilang mga dios, ay tunay na magiging
silo sa iyo.

**24** At kaniyang sinabi kay Moises, Sumampa ka sa
kinaroroonan ng Panginoon, ikaw, at si Aaron, si
Nadab, at si Abiu, at pitong pu ng mga matanda sa Israel; at
sumamba kayo mula sa malayo: 2 At si Moises lamang ang
lalapit sa Panginoon; datapuwa't sila'y hindi lalapit; o ang
bayan man ay sasampang kasama niya. 3 At lumapit si
Moises at isinaysay sa bayan ang lahat ng mga salita ng
Panginoon, at ang lahat ng mga palatuntunan. At ang buong
bayan ay sumagot ng paminsan, at nagsabi, Lahat ng mga
salita na sinalita ng Panginoon, ay aming gagawin. 4 At
sinulat ni Moises ang lahat ng mga salita ng Panginoon, at
bumangon ng maaga sa kinaumagahan, at nagtayo ng isang
dambana sa paanan ng bundok, at ng labing dalawang
batong pinakaalaala, ayon sa labing dalawang lipi ng Israel.
5 At kaniyang sinugo ang mga binata ng mga anak ni
Israel, na nagsipaghandog ng mga handog na susunugin at
nagsipaghain sa Panginoon ng handog na baka tungkol
sa kapayapaan. 6 At kinuha ni Moises ang kalahati ng
dugo, at inilagay sa mga tasa; at ang kalahati ng dugo ay
iniwisik sa ibabaw ng dambana. 7 At kaniyang kinuha ang
aklat ng tipan, at binasa sa pakinig ng bayan: at kanilang
sinabi, Lahat ng sinalita ng Panginoon ay aming gagawin,
at kami ay magmamasunurin. 8 At kinuha ni Moises ang
dugo at iniwisik sa bayan, at sinabi, Narito ang dugo ng
tipan, na ipinakipagtipan ng Panginoon sa inyo tungkol sa
lahat ng mga salitang ito. 9 Nang magkagayo'y sumampa si
Moises, at si Aaron, si Nadab, at si Abiu, at pitongpu ng
mga matanda sa Israel: 10 At kanilang nakita ang Dios ng
Israel; at mayroon sa ilalim ng kaniyang mga paa na parang
isang yaring lapag na batong zafiro, at paris din ng langit sa
kaliwanagan. 11 At sa mga mahal na tao sa mga anak ni
Israel ay hindi niya ipinatong ang kaniyang kamay: at sila'y
tumingin sa Dios, at kumain at uminom. 12 At sinabi ng
Panginoon kay Moises, Sampahin mo ako sa bundok, at
dumoon ka: at ikaw ay bibigyan ko ng mga tapyas na bato,
at ng kautusan, at ng utos na aking isinulat, upang iyong
maituro sa kanila. 13 At tumindig si Moises, at si Josue
na kaniyang tagapangasiwa: at si Moises ay sumampa sa
bundok ng Dios. 14 At kaniyang sinabi sa mga matanda,
Hintayin ninyo kami rito hanggang sa kami ay bumalik sa
inyo: at, narito si Aaron at si Hur ay kasama ninyo: sinomang
magkaroon ng usap ay lumapit sa kanila. 15 At sumampa si
Moises sa bundok at tinakpan ng ulap ang bundok. 16 At
ang kaluwalhatian ng Panginoon ay nanahan sa ibabaw ng
bundok ng Sinai, at tinakpan ng ulap na anim na araw: at sa
ikapitong araw ay tinawag niya si Moises sa gitna ng ulap.
17 At ang anyo ng kaluwalhatian ng Panginoon ay paris ng
apoy na manunupok sa ibabaw ng taluktok ng bundok, sa
harap ng mga mata ng mga anak ni Israel. 18 At pumasok
si Moises sa gitna ng ulap, at sumampa sa bundok: at si
Moises ay natira sa bundok na apat na pung araw at apat
na pung gabi.

**25** At ang Panginoon ay nagsalita kay Moises, na sinasabi,
2 Salitain mo sa mga anak ni Israel, na sila'y magdala
sa akin ng isang handog: ang bawa't tao na maganyak ang
puso sa kagandahang loob ay kukunan ninyo ng handog
sa akin. 3 At ito ang handog na inyong kukunin sa kanila;
ginto, at pilak, at tanso; 4 At kayong bughaw, kulay-ube,
at pula, at lino at balahibo ng kambing; 5 At mga balat
ng lalaking tupa na tinina sa pula, at mga balat ng poka,
at kahoy na akasia; 6 Langis sa ilawan, mga espesia sa
langis na pangpahid, at sa mabangong pangsuob; 7 Mga
batong onix, at mga batong pangkalupkop sa efod, at sa

pektoral. 8 At kanilang igawa ako ng isang santuario; upang
ako'y makatahan sa gitna nila. 9 Ayon sa lahat ng aking
ipinakita sa iyo, sa anyo ng tabernakulo at sa anyo ng lahat
ng kasangkapan niyaon ay gayon ninyo gagawin. 10 At
sila'y gagawa ng isang kaban na kahoy na akasia: na may
dalawang siko't kalahati ang haba niyaon, at may isang siko't
kalahati ang luwang niyaon, at may isang siko't kalahati
ang taas niyaon. 11 At iyong babalutin ng taganas na ginto;
sa loob at sa labas ay iyong babalutin, at igagawa mo sa
ibabaw ng isang kornisa sa palibot. 12 At ipagbububo mo ng
apat na argolyang ginto, at ipaglalagay mo sa apat na paa
niyaon, at dalawang argolya ang mapapasa isang tagiliran
niyaon, at dalawang argolya sa kabilang tagiliran niyaon. 13
At gagawa ka ng mga pingga na kahoy na akasia at iyong
babalutin ng ginto. 14 At iyong isusuot ang mga pingga sa
loob ng mga argolya, sa mga tagiliran ng kaban, upang
mabuhat ang kaban. 15 Ang mga pingga ay masusuot sa
loob ng mga argolya ng kaban: hindi aalisin doon. 16 At
iyong isisilid sa kaban ang mga kinalalagdaan ng patotoo na
aking ibibigay sa iyo. 17 At gagawa ka ng isang luklukan ng
awa, na taganas na ginto: na may dalawang siko't kalahati
ang haba niyaon, at may isang siko't kalahati ang luwang
niyaon. 18 At gagawa ka ng dalawang querubing ginto;
na yari sa pamukpok iyong gagawin, sa dalawang dulo ng
luklukan ng awa. 19 At gawin mo ang isang querubin sa
isang dulo, at ang isang querubin sa kabilang dulo: kaputol
ng luklukan ng awa, gagawin mo ang mga querubin sa
dalawang dulo niyaon. 20 At ibubuka ng mga querubin ang
kanilang pakpak na paitaas, na nililiiliman ang luklukan ng
awa, ng kanilang mga pakpak, na ang kanilang mukha ay
nagkakaharap, sa dakong luklukan ng awa ihaharap ang
mga mukha ng mga querubin. 21 At iyong ilalagay ang
luklukan ng awa sa ibabaw ng kaban; at sa loob ng kaban,
ay iyong ilalagay ang mga kinalalagdaan ng patotoo, na
aking ibibigay sa iyo. 22 At diya'y makikipagkita ako sa iyo,
at makikipanayam sa iyo mula sa ibabaw ng luklukan ng
awa, sa gitna ng dalawang querubin na nangasa ibabaw ng
kaban ng patotoo, tungkol sa lahat ng mga bagay na ibibigay
ko sa iyong utos sa mga anak ni Israel. 23 At gagawa ka ng
isang dulang na kahoy na akasia: na may dalawang siko
ang haba niyaon, at isang siko ang luwang niyaon, at isang
siko't kalahati ang taas niyaon. 24 At iyong babalutin ng
taganas na ginto, at igagawa mo ng isang kornisang ginto sa
palibot. 25 At igagawa mo ng isang gilid na may isang palad
ng kamay ang luwang sa palibot, at igagawa mo ng isang
kornisang ginto ang palibot ng gilid niyaon. 26 At igagawa
mo ng apat na argolyang ginto, at ilalagay mo ang mga
argolya sa apat na sulok na ukol sa apat na paa niyaon. 27
Malalapit sa gilid ang mga argolya, sa daraanan ng mga
pingga, upang madala ang dulang. 28 At gagawin mo ang
mga pingga na kahoy na akasia, at iyong babalutin ng ginto,
upang ang dulang ay madala ng mga yaon. 29 At gagawa
ka ng mga pinggan niyaon, at ng mga kutsara niyaon, at ng
mga kopa niyaon, at ng mga tasa niyaon na pagbubuhusan;
na iyong gagawing taganas na ginto. 30 At ilalagay mo sa
dulang ang tinapay na handog sa harap ko na palagi. 31
At gagawa ka ng isang kandelerong taganas na ginto: yari
sa pamukpok gagawin mo ang kandelero, ang tuntungan
niyaon, at ang haligi niyaon; ang mga kopa niyaon, ang
mga globito niyaon at ang mga bulaklak niyaon ay mga
kaputol: 32 At magkakaroon ng anim na sangang lumalabas
sa mga tagiliran niyaon; tatlong sanga ng kandelero'y sa
isang tagiliran niyaon, at ang tatlong sanga ng kandelero ay
sa kabilang tagiliran niyaon: 33 At magkakaroon ng tatlong
kopang anyong bulaklak ng almendro sa isang sanga,
isang globito at isang bulaklak; at tatlong kopang anyong
bulaklak ng almendro sa kabilang sanga, isang globito at
isang bulaklak; at gayon sa anim na sangang lumalabas
sa kandelero. 34 At sa haligi ng kandelero'y magkakaroon
ng apat na kopang anyong bulaklak ng almendro, sangpu
ng mga globito niyaon, at ng mga bulaklak niyaon: 35 At
magkakaroon ng isang globito sa ilalim ng dalawa sa mga
sanga, at isang globito sa ilalim ng kabilang dalawa sa
mga sanga na kaputol niyaon, at isang globito sa ilalim
ng dalawang sangang nalalabi ayon sa anim na sanga
na lumalabas sa kandelero. 36 Ang magiging mga globito
at mga sanga niyaon ay kaputol: kabuoan niyaon ay isa
lamang putol na yari sa pamukpok, na taganas na ginto. 37
At igagawa mo ng kaniyang mga ilawan, na pito: at kanilang
sisindihan ang mga ilawan niyaon, upang lumiwanag sa
dakong tapat ng kandelero. 38 At ang magiging mga gunting
at mga pinggan niyaon ay taganas na ginto. 39 Isang
talentong taganas na ginto gagawin, sangpu ng lahat ng
kasangkapang ito. 40 At ingatan mo, na iyong gawin ayon sa
anyo ng mga yaon na ipinakita sa iyo sa bundok.

**26** Bukod dito'y gagawin mo ang tabernakulo na may
sangpung tabing; na linong pinili, at bughaw, at kulay-
ube, at pula, na may mga querubin na gawa ng bihasang
manggagawa, iyong gagawin. 2 Ang magiging haba ng
bawa't tabing ay dalawang pu't walong siko, at ang luwang
ng bawa't tabing ay apat na siko: lahat ng tabing ay
magkakaroon ng isang kasukatan. 3 Limang tabing ay
papagsusugpunging isa't isa; at ang ibang limang tabing
ay papagsusugpunging isa't isa. 4 At gagawa ka ng mga
presilyang bughaw sa gilid ng isang tabing sa hangganan
ng pagkakasugpong, at gayon din gagawin mo sa gilid ng
ikalawang tabing na nasa ikalawang pagkakasugpong. 5
Limang pung presilya ang iyong gagawin sa isang tabing, at

limang pung presilya ang iyong gagawin sa gilid ng tabing
na nasa ikalawang pagkakasugpong; ang mga presilya ay
magkakatapat na isa't isa. **6** At limang pung pangawit na ginto
ang iyong gagawin at pagsusugpungin mo ang mga tabing
sa pamamagitan ng mga kawit; at magiging isa lamang.
**7** At gagawa ka ng mga tabing na balahibo ng kambing
na pinaka tolda sa ibabaw ng tabernakulo: labing isang
tabing ang iyong gagawin. **8** Ang magiging haba ng bawa't
tabing ay tatlong pung siko, at ang luwang ng bawa't tabing
ay apat na siko: ang labing isang tabing ay magkakaroon
ng isang sukat. **9** At iyong papagsusugpungin ang limang
tabing, at gayon din ang anim na tabing, at iyong ititiklop ang
ikaanim na tabing sa harapan ng tabernakulo. **10** At limang
pung presilya ang iyong gagawin sa tagiliran ng isang tabing
na nasa hangganan ng pagkakasugpong, at limang pung
presilya sa tagiliran ng ikalawang pagkakasugpong. **11** At
gagawa ka ng limang pung pangawit na tanso, at ikakabit mo
ang mga pangawit sa mga presilya at pagsusugpungin mo
ang tolda upang maging isa. **12** At ang dakong nakalawit na
nalalabi sa mga tabing ng tolda, na siyang kalahati ng tabing
na nalalabi ay ilalaylay sa likuran ng tabernakulo. **13** At ang
siko ng isang dako at ang siko ng kabilang dako niyaong
nalalabi sa haba ng mga tabing ng tolda, ay ilalaylay sa mga
tagiliran ng tabernakulo, sa dakong ito at sa dakong yaon,
upang takpan. **14** At gagawa ka ng isang pangtakip sa tolda
na balat ng lalaking tupa na tininang pula, at isang pangtakip
na balat ng poka, sa ibabaw. **15** At igagawa mo ng mga tabla
ang tabernakulo, na kahoy na akasia na mga patayo. **16**
Sangpung siko ang magiging haba ng isang tabla, at isang
siko at kalahati ang luwang ng bawa't tabla. **17** Dalawang
mitsa magkakaroon ang bawa't tabla na nagkakasugpong na
isa't isa: ang gagawin mo sa lahat ng tabla ng tabernakulo.
**18** At igagawa mo ng mga tabla ang tabernakulo: dalawang
pung tabla sa tagilirang timugan sa dakong timugan. **19** At
gagawa ka ng apat na pung tungtungang pilak upang ilagay
sa ilalim ng dalawang pung tabla, dalawang tungtungan
sa bawa't tabla na ukol sa kaniyang dalawang mitsa, at
dalawang tungtungan sa ilalim ng ibang tabla na ukol sa
kaniyang dalawang mitsa: **20** At sa ikalawang tagiliran
ng tabernakulo, sa dakong hilagaan, ay dalawang pung
tabla: **21** At ang kanilang apat na pung tungtungang pilak;
dalawang tungtungan sa ilalim ng isang tabla, at dalawang
tungtungan sa ilalim ng kabilang tabla. **22** At sa dakong
hulihan ng tabernakulo, sa dakong kalunuran ay igagawa
mo ng anim na tabla. **23** At igagawa mo ng dalawang tabla
ang mga sulok ng tabernakulo sa dakong hulihan. **24** At
pagpapatungin sa dakong ibaba, at gayon din na maugnay
sa itaas niyaon sa isang argolya; gayon ang gagawin sa
dalawa; para sa dalawang sulok. **25** At magkakaroon ng
walong tabla, at ang kanilang mga tungtungang pilak ay
labing anim na tungtungan: dalawang tungtungan sa ilalim
ng isang tabla, at dalawang tungtungan sa ilalim ng kabilang
tabla. **26** At gagawa ka ng mga barakilan, na kahoy na
akasia; lima sa mga tabla ng isang tagiliran ng tabernakulo;
**27** At limang barakilan sa mga tabla ng kabilang tagiliran ng
tabernakulo, at limang barakilan sa mga tabla ng tagiliran
ng tabernakulo sa dakong hulihan, na dakong kalunuran.
**28** At ang gitnang barakilan ay daraan sa kalagitnaan ng
mga tabla mula sa isang dulo hanggang sa kabila. **29** At
iyong babalutin ng ginto ang mga tabla, at gigintuin mo ang
kanilang mga argolya na pagdaraanan ng mga barakilan: at
iyong babalutin ng ginto ang mga barakilan. **30** At iyong
itatayo ang tabernakulo ayon sa anyo niyaon, na ipinakita
sa iyo sa bundok. **31** At gagawa ka ng isang lambong na
bughaw at kulay-ube, at pula at linong pinili: na may mga
querubing mainam ang pagkayari: **32** At iyong isasampay sa
apat na haliging akasia na balot ng ginto, na pati ng kanilang
mga pangipit ay ginto rin: na nakapatong sa ibabaw ng apat
na tungtungang pilak. **33** At iyong ibibitin ang lambong sa
ilalim ng mga pangalawit, at iyong ipapasok doon sa loob
ng lambong ang kaban ng patotoo: at paghihiwalayin sa
inyo ng lambong ang dakong banal at ang kabanalbanalang
dako. **34** At iyong ilalagay ang luklukan ng awa sa ibabaw
ng kaban ng patotoo sa kabanalbanalang dako. **35** At iyong
ilalagay ang dulang sa labas ng lambong, at ang kandelero
ay sa tapat ng dulang sa tagiliran ng tabernakulo na dakong
timugan: at ang dulang ay ilalagay mo sa dakong hilagaan.
**36** At igagawa mo ng isang tabing ang pintuan ng tolda na
kayong bughaw at kulay-ube, at pula, at linong pinili, na
yari ng mangbuburda. **37** At igagawa mo ang tabing ng
limang haliging akasia at babalutin mo ng ginto; na ang
sima ng mga yaon ay ginto rin: at ipagbububo mo ng limang
tungtungan.

**27** At gagawin mong kahoy ng akasia ang dambana,
na limang siko ang haba at limang siko ang luwang;
ang dambana ay gagawing parisukat: at ang taas ay
magkakaroon ng tatlong siko. **2** At gagawin mo ang mga
anyong sungay sa ibabaw ng apat na sulok niyaon: ang
mga anyong sungay ay kaputol din, at iyong babalutin ng
tanso. **3** At igagawa mo ng kaniyang mga kawa upang
magalis ng mga abo, at ng mga pala, at ng mga mangkok,
at ng mga pangalawit at ng mga suuban: lahat ng mga
kasangkapa'y gagawin mong tanso. **4** At igagawa mo ng
isang salang tanso na tila lambat ang yari, at ang ibabaw
ng nilambat ay igagawa mo ng apat na argolyang tanso sa
apat na sulok niyaon. **5** At ilalagay mo sa ibaba ng gilid ng
dambana, sa dakong ibaba, upang ang nilambat ay umabot
hanggang sa kalahatian ng dambana. **6** At igagawa mo ng

mga pingga ang dambana, mga pinggang kahoy na akasia
at babalutin mo ng tanso. 7 At ang mga pingga niyao'y
isusuot sa mga argolya, at ang mga pingga ay ilalagay sa
dalawang tagiliran ng dambana, pagka dinadala. 8 Gagawin
mo ang dambana na kuluong sa pamamagitan ng mga
tabla kung paano ang ipinakita sa iyo sa bundok, ay gayon
gagawin nila. 9 At iyong gagawin ang looban ng tabernakulo:
sa tagilirang timugan na dakong timugan ay magkakaroon
ng mga tabing sa looban na linong pinili, na may isang
daang siko ang haba sa isang tagiliran: 10 At ang ihahaligi
doo'y dalawang pu, at ang mga tungtungan ng mga yaon ay
dalawang pu na tanso; ang mga sima ng mga haligi at ang
mga pilete niyaon ay pilak. 11 At gayon din sa tagilirang
dakong hilagaan, sa kahabaan ay magkakaroon ng mga
tabing na may isang daang siko ang haba, at ang mga haligi
ng mga yaon ay dalawangpu, at ang mga tungtungan ng
mga yaon ay dalawangpu na tanso; ang mga sima ng mga
haligi at ang mga pilete ng mga yaon ay pilak. 12 At sa
kaluwangan ng looban sa kalunuran ay magkakaroon ng
mga tabing na may limangpung siko: ang haligi ng mga yaon
ay sangpu at ang mga tungtungan ng mga yaon ay sangpu.
13 At sa kaluwangan ng looban sa dakong silanganan, sa
dakong sinisikatan ng araw, ay magkakaroon ng limangpung
siko. 14 Ang mga tabing sa isang dako ng pintuang-daan ay
magkakaroon ng labinglimang siko: ang mga haligi ng mga
yaon ay tatlo, at ang mga tungtungan ng mga yaon ay tatlo
rin. 15 At sa kabilang dako'y magkakaroon ng mga tabing
na ma'y labing limang siko: ang mga haligi ng mga yao'y
tatlo, at ang mga tungtungan ng mga yao'y tatlo. 16 At sa
pintuan ng looban ay magkakaroon ng isang tabing na may
dalawang pung siko, na ang kayo'y bughaw, at kulay-ube, at
pula, at kayong linong pinili, na yari ng mangbuburda: ang
mga haligi ng mga yao'y apat, at ang mga tungtungan ng
mga yao'y apat. 17 Lahat ng haligi sa palibot ng looban ay
pagsusugpungin ng mga pileteng pilak; ang mga sima ng
mga yaon ay pilak, at ang mga tungtungan ng mga yaon ay
tanso. 18 Ang haba ng looban ay magkakaroon ng isang
daang siko, at ang luwang ay limang pu magpasaan man, at
ang taas ay limang siko, kayong linong pinili, at ang mga
tuntungan ay tanso. 19 Lahat ng mga kasangkapan ng
tabernakulo, sa buong paglilingkod doon, at lahat ng mga
tulos niyaon, at lahat ng mga tulos ng looban ay tanso. 20
At iyong iuutos sa mga anak ni Israel na sila'y magdala sa
iyo ng taganas na langis ng binayong oliba na pangilawan,
upang papagningasing palagi ang ilawan. 21 Sa tabernakulo
ng kapisanan sa labas ng lambong na nasa harap ng kaban
ng patotoo, ay aayusin yaon ni Aaron at ng kaniyang mga
anak mula sa hapon hanggang sa umaga sa harap ng
Panginoon: magiging palatuntunan sa buong panahon ng
kanilang lahi sa ikagagaling ng mga anak ni Israel.

**28** At ilapit mo sa iyo si Aarong iyong kapatid at ang
kaniyang mga anak na kasama niya, mula sa gitna
ng mga anak ni Israel, upang makapangasiwa sa akin sa
katungkulang saserdote, si Aaron, si Nadab at si Abiu, si
Eleazar at si Ithamar, na mga anak ni Aaron. 2 At igagawa
mo ng mga banal na kasuutan si Aarong iyong kapatid sa
ikaluluwalhati at ikagaganda. 3 At iyong sasalitain sa lahat ng
matalino, na aking pinagpupuspos ng diwa ng karunungan,
na kanilang gawin ang kasuutan ni Aaron, upang siya'y
italaga, na siya'y makapangasiwa sa akin sa katungkulang
saserdote. 4 At ito ang mga kasuutang kanilang gagawin;
isang pektoral, at isang epod, at isang balabal, at isang tunika
na tinahing guhitguhit na naaanyong paripariSukat, isang
mitra at isang pamigkis: at kanilang igagawa ng mga banal na
kasuutan si Aarong iyong kapatid, at ang kaniyang mga anak,
upang makapangasiwa sa akin sa katungkulang saserdote.
5 At kukuha sila ng ginto, at ng kayong bughaw, at ng kulay-
ube, at ng pula, at ng lino. 6 At kanilang gagawin ang epod
na ginto, at kayong bughaw, at kulay-ube, pula, at linong
pinili, na yari ng bihasang mangbuburda. 7 Magkakaroon ng
dalawang pangbalikat na nagkakasugpong sa dalawang
dulo niyaon; upang magkasugpong. 8 At ang mainam na
pagkayaring pamigkis na nasa ibabaw ng epod upang
ibigkis, ay gagawing gaya ng pagkayari ng epod at kaputol,
na ginto, kayong bughaw, at kulay-ube, at pula, at linong
pinili. 9 At kukuha ka ng dalawang batong onix, at iyong
iuukit na limbag sa ibabaw ng mga yaon ang mga pangalan
ng mga anak ni Israel: 10 Anim sa kanilang mga pangalan
ay sa isang bato, at ang mga pangalan ng anim na natitira
ay sa isang bato, ayon sa kanilang kapanganakan. 11 Nayari
ng manguukit sa bato, na gaya ng ukit ng isang panatak,
iyong iuukit sa dalawang bato, ayon sa mga pangalan ng
mga anak ni Israel: iyong gagawing napamumutihan ng
mga kalupkop na ginto. 12 At iyong ilalagay ang dalawang
bato sa ibabaw ng pangbalikat ng epod, upang maging mga
batong pinakaalaala sa ikagagaling ng mga anak ni Israel: at
papasanin ni Aaron ang kanilang mga pangalan sa harap ng
Panginoon, sa ibabaw ng kaniyang dalawang balikat, na
pinakaalaala. 13 At gagawa ka ng mga kalupkop na ginto:
14 At ng dalawang tanikalang taganas na ginto; parang pisi
iyong gagawin na yaring pinili: at iyong ilalapat sa mga
kalupkop ang mga tanikalang pinili. 15 At gagawin mo ang
pektoral ng kahatulan, na gawa ng bihasang manggagawa;
na gaya ng pagkayari ng epod iyong gagawin; gagawin
mo na ginto, na bughaw, at kulay-ube, at pula, at linong
pinili. 16 Gagawing parisukat at nakatiklop; isang dangkal
magkakaroon ang haba niyaon, at isang dangkal ang luwang

niyaon. 17 At iyong kakalupkupan ng mga kalupkop na
mga bato, apat na hanay na bato: isang hanay na sardio,
topacio, at karbungko ang magiging unang hanay; 18 At
ang ikalawang hanay, ay isang esmeralda, isang zapiro,
at isang diamante; 19 At ang ikatlong hanay ay isang
hasinto, isang agata, at isang amatista; 20 At ang ikaapat na
hanay ay isang berilo, isang onix, at isang haspe: pawang
pamumutihan ng ginto sa kanilang mga kalupkop. 21 At
ang mga bato ay iaayos sa mga pangalan ng mga anak
ni Israel; labingdalawa, ayon sa mga pangalan nila; gaya
ng ukit ng isang panatak, bawa't isa'y ayon sa kanilang
pangalan, na magiging ukol sa labing dalawang lipi. 22 At
gagawa ka sa ibabaw ng pektoral ng mga tanikalang parang
pisi, yaring pinili, na taganas na ginto. 23 At igagawa mo
ang ibabaw ng pektoral ng dalawang singsing na ginto,
at ilalagay mo ang dalawang singsing sa dalawang sulok
ng itaas ng pektoral. 24 At inyong ilalagay ang dalawang
pinising tanikalang ginto sa dalawang singsing sa mga sulok
ng pektoral. 25 At ang dalawang dulo ng dalawang tanikala
ng pinili ay iyong ilalapat sa dalawang kalupkop, at iyong
mga ilalagay sa mga pangbalikat ng epod, sa harapan.
26 At gagawa ka ng dalawang singsing na ginto, at mga
ilalagay mo sa dalawang sulok ng pektoral sa laylayan
niyaon na nasa dakong kabaligtaran ng epod. 27 At gagawa
ka ng dalawang singsing na ginto, at iyong mga ikakapit
sa dalawang pangbalikat ng epod, sa dakong ibaba, sa
harapan, na malapit sa pagkakasugpong sa ibabaw ng
mainam na pagkayaring pamigkis ng epod. 28 At kanilang
itatali ang pektoral sa pamamagitan ng mga singsing niyaon
sa mga singsing ng epod ng isang taling bughaw, upang
mamalagi sa ibabaw ng mainam na pagkayaring pamigkis
ng epod, at upang ang pektoral ay huwag makalag sa
epod. 29 At dadalhin ni Aaron sa kaniyang sinapupunan
ang mga pangalan ng mga anak ni Israel na nasa pektoral
ng kahatulan pagka siya'y pumapasok sa dakong banal,
na pinakaalaala sa harap ng Panginoon, na palagi. 30
At ilalagay mo sa pektoral ng kahatulan ang Urim at ang
Tummim at mga ilalagay sa sinapupunan ni Aaron, pagka
siya'y pumapasok sa harap ng Panginoon at dadalhing
palagi ni Aaron sa harap ng Panginoon ang kahatulan
sa mga anak ni Israel na nasa kaniyang sinapupunan.
31 At gagawin mo ang balabal ng epod na taganas na
bughaw. 32 At magkakaroon ng isang pinakaleeg sa gitna
niyaon: magkakaroon ito ng isang uriang tinahi sa palibot
ng pinakaleeg, gaya ng butas ng isang koselete, upang
huwag mapunit. 33 At ang saya niyaon ay igagawa mo ng
mga granadang bughaw, at kulay-ube, at pula, sa palibot
ng saya niyaon; at ng mga kampanilyang ginto sa gitna ng
mga yaon sa palibot: 34 Isang kampanilyang ginto at isang
granada, isang kampanilyang ginto at isang granada sa
saya sa ibaba ng balabal sa palibot. 35 At isusuot ni Aaron
upang mangasiwa: at ang tunog niyao'y maririnig pagka
siya'y pumapasok sa dakong banal sa harap ng Panginoon,
at pagka siya'y lumalabas, upang siya'y huwag mamatay.
36 At gagawa ka ng isang laminang taganas na ginto, at
doo'y isusulat mong ukit na ayon sa ukit ng isang panatak,
Banal sa Panginoon. 37 At iyong ilalagay sa isang listong
bughaw, at malalagay sa ibabaw ng mitra; sa ibabaw ng
harapan ng mitra malalagay. 38 At malalagay sa noo ni
Aaron, at dadalhin ni Aaron ang kasamaan ng mga banal na
bagay, na pakakabanalin ng mga anak ni Israel sa lahat
nilang mga banal na kaloob; at malalagay na palagi sa
kaniyang noo, upang tanggapin sa harap ng Panginoon. 39
At iyong hahabihin ang kasuutan na anyong parisukat, na
lino, at iyong gagawin ang mitra na lino, at iyong gagawin
ang pamigkis na yari ng mangbuburda. 40 At iyong igagawa
ang mga anak ni Aaron ng mga kasuutan, at iyong igagawa
sila ng mga pamigkis, at iyong igagawa sila ng mga tiara
sa ikaluluwalhati at ikagaganda. 41 At iyong isusuot kay
Aarong iyong kapatid at sa kaniyang mga anak na kasama
niya; at iyong papahiran ng langis sila, at iyong itatalaga sila,
at iyong papagbanalin sila, upang sila'y makapangasiwa
sa akin, sa katungkulang saserdote. 42 At iyong igagawa
sila ng mga salawal na lino, upang takpan ang laman ng
kanilang kahubaran; mula sa mga balakang hanggang sa
mga hita aabot. 43 At isusuot ni Aaron at ng kaniyang mga
anak, pagka sila'y pumapasok sa tabernakulo ng kapisanan,
o pagka sila'y lumalapit sa dambana upang mangasiwa sa
dakong banal; upang sila'y huwag magdala ng kasamaan,
at huwag mamatay: magiging isang palatuntunang walang
hanggan sa kaniya at sa kaniyang binhi pagkamatay niya.

**29** At ito ang bagay na iyong gagawin sa kanila na ibukod
sila, upang sila'y mangasiwa sa akin sa katungkulang
saserdote: kumuha ka ng isang guyang toro at ng dalawang
lalaking tupang walang kapintasan. 2 At tinapay na walang
lebadura, at mga munting tinapay na walang lebadura na
hinaluan ng langis, at mga manipis na tinapay na walang
lebadura na pinahiran ng langis: na gagawin mo sa mainam
na harina ng trigo. 3 At iyong isisilid sa isang bakol, at
dadalhin mo na nasa bakol, sangpu ng toro at ng dalawang
tupang lalake. 4 At si Aaron at ang kaniyang mga anak ay
iyong dadalhin sa pintuan ng tabernakulo ng kapisanan,
at iyong huhugasan sila ng tubig. 5 At iyong kukunin ang
mga kasuutan, at iyong isusuot kay Aaron ang tunika niya,
at ang balabal ng epod, at ang epod, at ang pektoral, at
bibigkisan mo ng mainam na pagkayaring pamigkis ng epod:
6 At iyong ipuputong ang mitra sa kaniyang ulo, at ipapatong
mo ang banal na korona sa mitra. 7 Saka mo kukunin ang

langis na pangpahid, at ibubuhos mo sa ibabaw ng kaniyang
ulo, at papahiran mo ng langis siya. **8** At iyong dadalhin
ang kaniyang mga anak, at susuutan mo ng mga tunika
sila. **9** At iyong bibigkisan sila ng mga pamigkis, si Aaron
at ang kaniyang mga anak, at itatali mo ang mga tiara sa
kanikaniyang ulo: at tatamuhin nila ang pagkasaserdote
na pinakapalatuntunang palagi: at iyong papagbabanalin si
Aaron at ang kaniyang mga anak. **10** At iyong dadalhin ang
toro sa harap ng tabernakulo ng kapisanan: at ipapatong ni
Aaron at ng kaniyang mga anak ang kanilang kamay sa
ulo ng toro. **11** At iyong papatayin ang toro sa harap ng
Panginoon, sa pintuan ng tabernakulo ng kapisanan. **12** At
kukuha ka ng dugo ng toro, at ilalagay mo ng iyong daliri
sa ibabaw ng mga anyong sungay ng dambana; at iyong
ibubuhos ang lahat ng dugo sa paanan ng dambana. **13**
At kukunin mo ang buong taba na nakababalot sa bituka,
at ang mga lamak ng atay, at ang dalawang bato, at ang
taba na nasa ibabaw ng mga yaon, at susunugin mo sa
ibabaw ng dambana. **14** Datapuwa't ang laman ng toro,
at ang balat, at ang dumi ay iyong susunugin sa apoy sa
labas ng kampamento: handog nga dahil sa kasalanan. **15**
Kukunin mo rin ang isang lalaking tupa; at ipapatong ni
Aaron at ng kaniyang mga anak ang kanilang kamay sa ulo
ng lalaking tupa. **16** At iyong papatayin ang lalaking tupa,
at iyong kukunin ang dugo, at iyong iwiwisik sa palibot sa
ibabaw ng dambana. **17** At iyong kakatayin ang tupa at
huhugasan mo ang bituka, at ang mga hita, at ipapatong mo
sa mga pinagputolputol at sa ulo. **18** At iyong susunugin ang
buong tupa sa ibabaw ng dambana: handog na susunugin
nga sa Panginoon; pinaka masarap na amoy na handog
sa Panginoon, na pinaraan sa apoy. **19** At kukunin mo ang
isang tupa; at ipapatong ni Aaron at ng kaniyang mga anak
ang kanilang kamay sa ulo ng tupa. **20** Saka mo papatayin
ang tupa, at kukunin mo ang dugo, at ilalagay mo sa pingol
ng kanang tainga ni Aaron, at sa pingol ng kanang tainga
ng kaniyang mga anak, at sa hinlalaki ng kanilang kanang
kamay, at sa hinlalaki ng kanilang kanang paa, at iwiwisik
mo ang dugong labis sa ibabaw ng dambana sa palibot.
**21** At kukuha ka ng dugo na nasa ibabaw ng dambana, at
ng langis na pangpahid, at iwiwisik mo kay Aaron, at sa
kaniyang mga suot, at sa kaniyang mga anak na kasama
niya: at ikapapaging banal niya at ng kaniyang mga suot, at
ng kaniyang mga anak, at ng mga suot ng kaniyang mga
anak na kasama niya. **22** Kukunin mo rin naman sa lalaking
tupa ang taba, at ang matabang buntot, at ang tabang
nakababalot sa mga bituka, at ang mga lamak ng atay, at ang
dalawang bato, at ang taba na nasa ibabaw ng mga yaon, at
ang kanang hita (sapagka't isang lalaking tupa na itinalaga),
**23** At isang malaking tinapay, at isang munting tinapay na
nilangisan, at isang manipis na tinapay sa bakol ng tinapay
na walang lebadura na nasa harap ng Panginoon: **24** At
iyong ilalagay ang kabuoan sa mga kamay ni Aaron, at sa
mga kamay ng kaniyang mga anak; at iyong mga luluglugin
na pinakahandog na niluglog sa harap ng Panginoon. **25** At
iyong kukunin sa kanilang mga kamay, at iyong susunugin
sa dambana sa ibabaw ng handog na susunugin, na pinaka
masarap na amoy sa harap ng Panginoon: handog nga
sa Panginoon na pinaraan sa apoy. **26** At kukunin mo
ang dibdib ng tupa na itinalaga ni Aaron, at luglugin mo
na pinakahandog na niluglog sa harap ng Panginoon: at
magiging iyong bahagi. **27** At iyong ihihiwalay ang dibdib
ng handog na niluglog, at ang hita ng handog na itinaas,
ang niluglog at ang itinaas, ng lalaking tupa na itinalaga
na kay Aaron at sa kaniyang mga anak; **28** At magiging
kay Aaron at sa kaniyang mga anak, na pinaka bahagi
magpakailan man, na mula sa mga anak ni Israel: sapagka't
isang handog na itinaas: at magiging isang handog na
itinaas sa ganang mga anak ni Israel, na kinuha sa kanilang
mga hain tungkol sa kapayapaan: na dili iba't kanilang
handog ngang itinaas sa Panginoon. **29** At ang mga banal
na kasuutan ni Aaron ay magiging sa kaniyang mga anak,
pagkamatay niya, upang pahiran ng langis sa mga yaon, at
upang italaga sa mga yaon. **30** Pitong araw na isusuot ng
anak na magiging saserdote nakahalili niya, pagka siya'y
pumapasok sa tabernakulo ng kapisanan upang mangasiwa
sa dakong banal. **31** At kukunin mo ang lalaking tupa na
itinalaga at lulutuin mo ang kaniyang laman sa dakong
banal. **32** At kakanin ni Aaron at ng kaniyang mga anak ang
laman ng tupa, at ang tinapay na nasa bakol sa pintuan
ng tabernakulo ng kapisanan. **33** At kanilang kakanin ang
mga bagay na yaon, na ipinangtubos ng sala, upang italaga
at pakabanalin sila: datapuwa't hindi kakain niyaon ang
sinomang taga ibang lupa, sapagka't mga bagay na banal.
**34** At kung may lumabis sa laman na itinalaga, o sa tinapay,
hanggang sa kinaumagahan, ay iyo ngang susunugin sa
apoy ang labis: hindi kakanin, sapagka't yao'y banal. **35** At
ganito mo gagawin kay Aaron, at sa kaniyang mga anak,
ayon sa lahat na aking iniutos sa iyo: pitong araw na iyong
itatalaga sila. **36** At araw-araw ay maghahandog ka ng toro
na pinakahandog, dahil sa kasalanan na pinakapangtubos:
at iyong lilinisin ang dambana pagka iyong ipinanggagawa
ng katubusan yaon; at iyong papahiran ng langis upang
pakabanalin. **37** Pitong araw na iyong tutubusin sa sala
ang dambana, at iyong pakakabanalin; at ang dambana ay
magiging kabanalbanalan; anomang masagi sa dambana ay
magiging banal. **38** Ito nga ang iyong ihahandog sa ibabaw
ng dambana: dalawang kordero ng unang taon araw-araw
na palagi. **39** Ang isang kordero ay iyong ihahandog sa

umaga; at ang isang kordero ay iyong ihahandog sa hapon:
40 At kasama ng isang kordero na iyong ihahandog ang
ikasangpung bahagi ng isang efa ng mainam na harina na
may halong ikaapat na bahagi ng isang hin ng langis na
hinalo; at ang ikaapat na bahagi ng isang hin na alak, ay
pinakahandog na inumin. 41 At ang isang kordero ay iyong
ihahandog sa hapon, at iyong gagawin ayon sa handog na
harina sa umaga, at ayon sa inuming handog niyaon, na
pinaka masarap na amoy, na handog nga sa Panginoon na
pinaraan sa apoy. 42 Magiging isang palaging handog na
susunugin sa buong panahon ng inyong lahi sa pintuan ng
tabernakulo ng kapisanan, sa harap ng Panginoon; na aking
pakikipagkitaan sa inyo, upang makipagusap ako roon sa
iyo. 43 At doo'y makikipagtagpo ako sa mga anak ni Israel:
at ang Tolda ay pakakabanalin sa pamamagitan ng aking
kaluwalhatian. 44 At aking pakakabanalin ang tabernakulo ng
kapisanan, at ang dambana; si Aaron man at ang kaniyang
mga anak ay aking papagbabanalin upang mangasiwa sa
akin sa katungkulang saserdote. 45 At ako'y tatahan sa gitna
ng mga anak ni Israel, at ako'y magiging kanilang Dios. 46 At
kanilang makikilala, na ako ang Panginoon nilang Dios, na
kumuha sa kanila sa lupain ng Egipto, upang ako'y tumahan
sa gitna nila: ako ang Panginoon nilang Dios.

**30** At gagawa ka ng isang dambana na mapagsusunugan
ng kamangyan: na kahoy na akasia iyong gagawin. 2
Isang siko magkakaroon ang haba niyaon, at isang siko ang
luwang niyaon; parisukat nga: at dalawang siko magkakaroon
ang taas niyaon: ang mga anyong sungay niyaon ay kaputol
din. 3 At iyong babalutin ng taganas na ginto ang ibabaw
niyaon, at ang mga tagiliran niyaon sa palibot, at ang mga
sungay niyaon; at igagawa mo ng isang kornisang ginto sa
palibot. 4 At igagawa mo yaon ng dalawang argolyang ginto
sa ilalim ng kornisa, sa dakong itaas ng dalawang tagiliran
iyong gagawin; at magiging suutan ng mga pingga upang
mabuhat. 5 At ang iyong gagawing mga pingga ay kahoy na
akasia, at iyong babalutin ng ginto. 6 At iyong ilalagay sa
harap ng tabing na nasa siping ng kaban ng patotoo, sa
harap ng luklukan ng awa na nasa ibabaw ng kaban ng
patotoo, na aking pakikipagtagpuan sa iyo. 7 At magsusunog
si Aaron sa ibabaw niyaon ng kamangyan na mababangong
espesia: tuwing umaga pagka kaniyang inaayos ang mga
ilawan, ay susunugin niya. 8 At pagka sinisindihan ni Aaron
ang mga ilawan sa hapon, ay kaniyang susunugin, na isang
kamangyang palagi sa harap ng Panginoon, sa buong
panahon ng inyong mga lahi. 9 Huwag kayong maghahandog
ng ibang kamangyan sa ibabaw niyaon, o ng handog na
susunugin, o ng handog na harina man: at huwag kayong
magbubuhos ng inuming handog sa ibabaw niyaon. 10 At si
Aaron ay tutubos ng sala sa ibabaw ng mga anyong sungay
ng dambana, minsan sa isang taon: kaniyang tutubusin
sa sala na minsan sa isang taon, ng dugo ng handog
dahil sa kasalanan, sa buong panahon ng inyong mga lahi:
kabanal-banalan nga sa Panginoon. 11 At ang Panginoon
ay nagsalita kay Moises, na sinasabi, 12 Pagbilang mo sa
mga anak ni Israel, ayon sa mga nabilang sa kanila ay
magbibigay nga ang bawa't isa sa kanila ng katubusan ng
kaniyang kaluluwa sa Panginoon, pagka iyong binibilang sila;
upang huwag magkaroon ng salot sa gitna nila pagka iyong
binibilang sila. 13 Ito ang kanilang ibibigay, bawa't maraanan
sa kanila na nangabibilang: kalahati ng isang siklo ayon sa
siklo ng santuario: (ang isang siklo ay dalawang pung gera):
kalahating siklo na pinakahandog sa Panginoon. 14 Bawa't
maraanan sa kanila na nangabibilang, mula sa dalawang
pung taong gulang na patanda, ay magbibigay ng handog sa
Panginoon. 15 Ang mayaman ay hindi magbibigay ng higit,
at ang dukha ay hindi magbibigay ng kulang sa kalahating
siklo, pagbibigay nila ng handog sa Panginoon, upang
ipangtubos sa inyong mga kaluluwa. 16 At iyong kukunin
sa mga anak ni Israel ang pangtubos na salapi, at iyong
gugugulin sa paglilingkod sa tabernakulo ng kapisanan; na
maging pinakaalaala sa mga anak ni Israel sa harap ng
Panginoon, upang ipangtubos sa inyong mga kaluluwa. 17
At ang Panginoon ay nagsalita kay Moises, na sinasabi, 18
Gagawa ka rin ng isang hugasang tanso, at ang tungtungan
ay tanso, upang paghugasan: at iyong ilalagay sa gitna ng
tabernakulo ng kapisanan at ng dambana at iyong sisidlan
ng tubig. 19 At si Aaron at ang kaniyang mga anak ay
maghuhugas doon ng kanilang mga paa: 20 Pagka sila'y
pumapasok sa tabernakulo ng kapisanan, ay maghuhugas
sila ng tubig, upang sila'y huwag mamatay, o pagka sila'y
lumalapit sa dambana na mangasiwa, upang magsunog
ng handog na pinaraan sa apoy sa Panginoon. 21 Gayon
sila maghuhugas ng kanilang mga kamay at ng kanilang
mga paa upang huwag silang mamatay: at magiging isang
palatuntunan magpakailan man sa kanila, sa kaniya at sa
kaniyang binhi, sa buong panahon ng kanilang mga lahi.
22 Bukod dito'y nagsalita ang Panginoon kay Moises, na
sinasabi, 23 Magdala ka rin ng mga pinakamagaling na
espesia, ng taganas na mira ay limang daang siklo, at
ng mabangong kanela ay kalahati nito, dalawang daan at
limang pu; at ng mabangong kalamo ay dalawang daan at
limang pu, 24 At ng kasia, limang daan, ayon sa siklo ng
santuario, at ng langis ng oliva ay isang hin: 25 At iyong
gagawing banal na langis na pangpahid, isang pabangong
kinatha ng ayon sa katha ng manggagawa ng pabango:
siya ngang magiging banal na langis na pangpahid. 26 At
iyong papahiran niyaon ang tabernakulo ng kapisanan, at
ang kaban ng patotoo, 27 At ang dulang, at ang lahat ng

mga kasangkapan niyaon, at ang kandelero at ang mga
kasangkapan niyaon, at ang dambanang suuban. 28 At ang
dambana ng handog na susunugin sangpu ng lahat ng mga
kasangkapan, at ang hugasan at ang tungtungan. 29 At
pakabanalin mo upang maging mga kabanalbanalan: lahat
ng makahipo sa mga yao'y magiging banal. 30 At iyong
papahiran ng langis si Aaron at ang kaniyang mga anak, at
iyong papagbabanalin sila, upang sila'y mangasiwa sa akin
sa katungkulang saserdote. 31 At iyong sasalitain sa mga
anak ni Israel, na iyong sasabihin, Ito'y magiging banal na
langis na pangpahid sa akin sa buong panahon ng iyong
mga lahi. 32 Sa laman ng tao ay huwag ninyong ibubuhos,
ni huwag kayong gagawa ng gaya niyan sa pagkakatha:
banal nga at aariin ninyong banal. 33 Sinomang kumatha
ng gaya niyan, o sinomang gumamit niyan sa isang taga
ibang lupa, ay ihihiwalay sa kaniyang bayan. 34 At sinabi
ng Panginoon kay Moises, Magdala ka ng mababangong
espesia, estacte, at onycha, at galbano; mabangong espesia
na may taganas na kamangyan: na magkakaisa ng timbang;
35 At iyong gagawing kamangyan, na isang pabangong ayon
sa katha ng manggagawa ng pabango, na tinimplahan ng
asin, na pulos at banal; 36 At iyong didikdikin ang iba niyan
ng durog na durog at ilalagay mo sa harap ng kaban ng
patotoo, sa loob ng tabernakulo ng kapisanan na aking
pakikipagtagpuan sa iyo: aariin ninyong kabanalbanalan. 37
At ang kamangyan na inyong gagawin, ayon sa pagkakatha
niyan ay huwag ninyong gagawin para sa inyo: aariin mong
banal sa Panginoon. 38 Sinomang gumawa ng gaya niyan,
upang amuyin ay ihihiwalay sa kaniyang bayan.

**31** At ang Panginoon ay nagsalita kay Moises, na sinasabi,
2 Tingnan mo aking tinawag sa pangalan si Bezaleel
na anak ni Uri, na anak ni Hur, sa lipi ni Juda: 3 At
aking pinuspos siya ng Espiritu ng Dios, sa karunungan at
pagkakilala, at kaalaman, at sa lahat ng sarisaring gawain, 4
Upang kumatha ng mga gawang kaayaaya, upang gumawa
sa ginto, at sa pilak, at sa tanso, 5 At upang umukit ng mga
batong pangkalupkop, upang gumawa ng mga nililok na
kahoy, at upang gumawa sa lahat na sarisaring gawain. 6 At
ako, narito, aking inihalal na kasama niya si Aholiab, na anak
ni Ahisamac sa lipi ni Dan; at sa puso ng lahat na maalam
na puso, ay aking isinilid ang karunungan, upang magawa
nila ang lahat ng aking iniutos sa iyo: 7 Ang tabernakulo ng
kapisanan at ang kaban ng patotoo, at ang luklukan ng awa
na nasa ibabaw niyaon, at ang lahat ng kasangkapan ng
Tolda: 8 At ang dulang at ang mga sisidlan niyaon at ang
kandelerong dalisay, sangpu ng lahat na mga sisidlan; at
ang dambana ng kamangyan; 9 At ang dambana ng handog
na susunugin sangpu ng lahat ng mga sisidlan niyaon, at
ang hugasan at ang tungtungan niyaon; 10 At ang mga
kasuutang mabuting yari, at ang mga banal na kasuutan na
pangsuot kay Aarong saserdote, at ang mga kasuutan sa
kaniyang mga anak, upang mangasiwa sa katungkulang
saserdote; 11 At ang langis na pangpahid, at ang kamangyan
na mabangong mga kamangyan na itataan sa dakong banal:
ayon sa lahat na iniutos ko sa iyo ay kanilang gagawin.
12 At ang Panginoo'y nagsalita kay Moises, na sinasabi,
13 Salitain mo rin sa mga anak ni Israel, na iyong sabihin,
Katotohanang ipangingilin ninyo ang aking mga sabbath;
sapagka't isang tanda sa akin at sa inyo sa buong panahon
ng inyong mga lahi, upang inyong makilala na ako ang
Panginoon na nagpapabanal sa inyo. 14 Inyong ipangingilin
ang sabbath nga; sapagka't yao'y pangilin sa inyo: bawa't
lumapastangan ay walang pagsalang papatayin: sapagka't
sinomang gumawa ng anomang gawa sa araw na yaon,
ay ihihiwalay ang taong yaon sa kaniyang bayan. 15 Anim
na araw na gagawin ang gawain; datapuwa't ang ikapitong
araw ay sabbath na takdang kapahingahan, pangilin sa
Panginoon: sinomang gumawa ng anomang gawa sa araw
ng sabbath, ay walang pagsalang papatayin. 16 Kaya't ang
mga anak ni Israel ay mangingilin ng sabbath, na tutuparin
ang sabbath sa buong panahon ng kanilang mga lahi, na
pinakapalaging tipan. 17 Ito'y isang tanda sa akin at sa mga
anak ni Israel magpakailan man: sapagka't sa anim na araw
ay ginawa ng Panginoon ang langit at lupa, at sa ikapitong
araw, ay nagpahinga at naginhawahan. 18 At kaniyang
ibinigay kay Moises, pagkatapos na makipagsalitaan sa
kaniya sa ibabaw ng bundok ng Sinai, ang dalawang tapyas
ng patotoo, na mga tapyas na bato, na sinulatan ng daliri ng
Dios.

**32** At nang makita ng bayan na nagluluwat si Moises ng
pagpanaog sa bundok, ay nagpipisan ang bayan kay
Aaron, at nagsabi sa kaniya, Tumindig ka at igawa mo kami
ng mga dios na mangunguna sa amin; sapagka't tungkol
sa Moises na ito, na lalaking nagsampa sa amin mula sa
lupain ng Egipto, ay hindi namin maalaman kung anong
nangyari sa kaniya. 2 At sinabi ni Aaron sa kanila, Alisin
ninyo ang mga hikaw na ginto, na nasa tainga ng inyo-
inyong asawa, ng inyong mga anak na lalake, at babae, at
dalhin ninyo sa akin. 3 At inalis ng buong bayan ang mga
hikaw na ginto na nangasa kanilang mga tainga, at dinala
kay Aaron. 4 At kaniyang tinanggap sa kanilang kamay, at
niyari sa pamamagitan ng isang buril, at ginawang isang
guyang binubo, at kanilang sinabi, Ang mga ito ang maging
iyong mga dios, Oh Israel, na nagsampa sa iyo mula sa
lupain ng Egipto. 5 At nang makita ito ni Aaron, ay nagtayo
siya ng isang dambana sa harapan niyaon: at itinanyag ni
Aaron at sinabi, Bukas ay pista sa Panginoon. 6 At sila'y
bumangong maaga nang kinabukasan, at naghandog ng

mga handog na susunugin, at nagdala ng mga handog
tungkol sa kapayapaan; at ang bayan ay umupong kumain
at uminom, at tumindig upang magkatuwa. **7** At sinalita ng
Panginoon kay Moises, Yumaon ka, bumaba ka, sapagka't
ang iyong bayan, na iyong isinampa mula sa lupain ng
Egipto ay nangagsisama: **8** Sila'y humiwalay na madali sa
daan na aking iniutos sa kanila: sila'y gumawa ng isang
guyang binubo, at kanilang sinamba, at kanilang hinainan, at
kanilang sinabi, Ang mga ito'y iyong maging mga dios, Oh
Israel, na nagsampa sa iyo mula sa lupain ng Egipto. **9** At
sinabi ng Panginoon kay Moises, Aking nakita ang bayang
ito, at, narito, isang bayang may matigas na ulo; **10** Ngayo'y
bayaan mo nga ako upang ang aking pagiinit ay magalab
laban sa kanila, at upang aking lipulin sila: at ikaw ay aking
gagawing dakilang bansa. **11** At dumalangin si Moises sa
Panginoon niyang Dios, at sinabi, Panginoon, bakit ang
iyong pagiinit ay pinapagaalab mo laban sa iyong bayan,
na iyong inilabas sa lupain ng Egipto sa pamamagitan ng
dakilang kapangyarihan at ng makapangyarihang kamay?
**12** Bakit sasalitain ng mga Egipcio, na sasabihin, Dahil sa
kasamaan, inilabas sila upang patayin sila sa mga bundok,
at upang lipulin sila sa balat ng lupa? Iurong mo ang iyong
mabangis na pagiinit, at pagsisihan mo ang kasamaang
ito laban sa iyong bayan. **13** Alalahanin mo si Abraham, si
Isaac, at si Israel na iyong mga lingkod, na silang iyong
mga sinumpaan sa iyong sarili, at mga pinagsabihan, Aking
pararamihin ang inyong binhi na gaya ng mga bituin sa
langit, at lahat ng lupaing ito na aking sinalita ay aking
ibibigay sa inyong binhi, at kanilang mamanahin magpakailan
man. **14** At pinagsisihan ng Panginoon ang kasamaan na
kaniyang sinabing kaniyang gagawin sa kaniyang bayan.
**15** At si Moises ay pumihit, at bumaba sa bundok, na dala
ang dalawang tapyas ng patotoo sa kaniyang kamay; mga
tapyas na may sulat sa dalawang mukha niyaon; sa isang
mukha at sa kabilang mukha ay may sulat. **16** At ang mga
tapyas ay gawa ng Dios, at ang sulat ay sulat ng Dios, na
nakaukit sa mga tapyas. **17** At ng marinig ni Josue ang ingay
ng bayan na humihiyaw, ay sinabi kay Moises, May ingay ng
pagbabaka sa kampamento. **18** At kaniyang sinabi, Hindi
ingay ng pagtatagumpay, o ingay man ng pagkatalo, kundi
ingay ng mga umaawit ang aking naririnig. **19** At nangyari
paglapit niya sa kampamento, na kaniyang nakita ang guya
at ang sayawan; at ang galit ni Moises ay naginit at kaniyang
inihagis ang mga tapyas na nasa kaniyang mga kamay at
nangasira sa paanan ng bundok. **20** At kaniyang kinuha ang
guya na kanilang ginawa, at sinunog ng apoy, at giniling
hanggang sa naging alabok, at isinaboy sa ibabaw ng tubig,
at ipinainom sa mga anak ni Israel. **21** At sinabi ni Moises
kay Aaron, Anong ginawa ng bayang ito sa iyo, na dinalhan
mo sila ng isang malaking sala? **22** At sinabi ni Aaron,
Huwag maginit ang galit ng aking panginoon: iyong kilala
ang bayan, na sila'y mahilig sa kasamaan. **23** Sapagka't
kanilang sinabi sa akin, Igawa mo kami ng mga dios na
mangunguna sa amin: sapagka't tungkol sa Moises na ito,
na lalaking nagsampa sa amin mula sa lupain ng Egipto ay
hindi namin maalaman kung anong nangyari sa kaniya. **24**
At aking sinabi sa kanila, Sinomang may ginto, ay magalis;
na anopa't kanilang ibinigay sa akin: at aking inihagis sa
apoy at lumabas ang guyang ito. **25** At nang makita ni
Moises na ang bayan ay nakakawala; sapagka't pinabayaan
ni Aarong makawala ng maging isang kabiruan sa gitna
ng kanilang mga kaaway: **26** Ay tumayo nga si Moises sa
pintuang-daan ng kampamento, at nagsabi, Sinomang sa
Panginoon ang kiling ay lumapit sa akin. At lahat ng mga
anak ni Levi ay nagpipisan sa kaniya. **27** At sinabi niya sa
kanila, Ganito ang sabi ng Panginoon, ng Dios ng Israel:
Ipatong ng bawa't lalake ang kaniyang tabak sa kaniyang
hita, at yumaon kayong paroo't parito sa mga pintuang-
daan, sa buong kampamento, at patayin ng bawa't lalake
ang kaniyang kapatid na lalake, at ng bawa't lalake ang
kaniyang kasama, at ng bawa't lalake ang kaniyang kapuwa.
**28** At ginawa ng mga anak ni Levi ang ayon sa salita ni
Moises: at nabuwal sa bayan ng araw na yaon, ang may
tatlong libong katao. **29** At sinabi ni Moises, Italaga ninyo ang
inyong sarili ngayon sa Panginoon, oo, bawa't lalake laban
sa kaniyang anak na lalake, at laban sa kaniyang kapatid na
lalake, upang kaniyang ipagkaloob sa inyo ang pagpapala
sa araw na ito. **30** At nangyari ng kinabukasan, na sinabi ni
Moises sa bayan, Kayo'y nagkasala ng malaking kasalanan:
at ngayo'y sasampahin ko ang Panginoon; marahil ay aking
matutubos ang inyong kasalanan. **31** At bumalik si Moises sa
Panginoon, at nagsabi, Oh, ang bayang ito'y nagkasala ng
malaking kasalanan, at gumawa sila ng mga dios na ginto.
**32** Gayon ma'y ngayon, kung iyong ipatatawad ang kanilang
kasalanan; at kung hindi, ay alisin mo ako, isinasamo ko sa
iyo, sa iyong aklat na sinulat mo. **33** At sinabi ng Panginoon
kay Moises, Ang magkasala laban sa akin ay siya kong
aalisin sa aking aklat. **34** At ngayo'y yumaon ka, iyong
patnubayan ang bayan sa dakong aking sinalita sa iyo:
narito, ang aking anghel ay magpapauna sa iyo: gayon
ma'y sa araw na aking dalawin sila ay aking dadalawin ang
kanilang kasalanang ipinagkasala nila. **35** At sinaktan nga
ng Panginoon ang bayan, sapagka't kanilang ginawa ang
guya na ginawa ni Aaron.

**33** At sinalita ng Panginoon kay Moises, Yumaon ka,
sumampa ka mula rito, ikaw at ang bayan na iyong
isinampa mula sa lupain ng Egipto, na patungo kayo sa
lupain na aking isinumpa kay Abraham, kay Isaac, at kay

Jacob, na aking sinasabi, Sa iyong binhi ay aking ibibigay.
2 At aking susuguin ang isang anghel sa unahan mo: at
aking palalayasin ang Cananeo, ang Amorrheo, at ang
Hetheo, at ang Pherezeo, ang Heveo, at ang Jebuseo: 3 Sa
isang lupaing binubukalan ng gatas at pulot: sapagka't hindi
ako sasampa sa gitna mo; sapagka't ikaw ay bayang may
matigas na ulo; baka ikaw ay aking lipulin sa daan. 4 At
nang marinig ng bayan ang masasamang balitang ito, ay
nanangis sila: at walang taong nagsuot ng kaniyang mga
pahiyas. 5 At sinabi ng Panginoon kay Moises, Sabihin mo
sa mga anak ni Israel, Kayo'y isang bayang may matigas na
ulo: kung ako'y sumampa sa gitna mo na sangdali, ay lilipulin
kita: kaya't ngayo'y alisin mo ang iyong mga pahiyas sa iyo
upang aking maalaman kung anong aking gagawin sa iyo. 6
At ang mga anak ni Israel ay naghubad ng kanilang mga
pahiyas mula sa bundok ng Horeb. 7 Kinaugalian nga ni
Moises na dalhin ang tolda at itayo sa labas ng kampamento,
na malayo sa kampamento at kaniyang tinawag iyon,
Tabernakulo ng kapisanan. At nangyari na bawa't magsiyasat
sa Panginoon ay lumalabas na pumaparoon sa tabernakulo
ng kapisanan, na nasa labas ng kampamento. 8 At nangyari,
pagka si Moises ay lumalabas na napasa sa Tolda, na
ang buong bayan ay bumabangon at tumatayo, bawa't
lalake sa pintuan ng kaniyang tolda at pinanonood si Moises
hanggang sa makapasok sa Tolda. 9 At nangyari, pagka si
Moises ay pumapasok sa Tolda ay bumababa ang haliging
ulap at tumitigil sa pintuan ng Tolda ang Panginoon ay
nakikipagsalitaan kay Moises. 10 At nakikita ng buong bayan
ang haliging ulap at tumitigil sa pintuan ng Tolda; at ang
buong bayan ay tumitindig at sumasamba, na bawa't isa'y
sa tabi ng pintuan ng kaniyang tolda. 11 At nakikipagsalitaan
ang Panginoon kay Moises ng mukhaan, gaya ng isang
taong nakikipagsalitaan sa kaniyang kaibigan. At siya'y
bumabalik uli sa kampamento, datapuwa't ang kaniyang
tagapangasiwang si Josue, na anak ni Nun, na may kabataan
pa, ay hindi umaalis sa Tolda. 12 At sinabi ni Moises sa
Panginoon, Tingnan mo, iyong sinasabi sa akin: Isampa
mo ang bayang ito: at hindi mo ipinakilala sa akin kung
sino yaong susuguin mo na kasama ko. Gayon ma'y iyong
sinabi, Aking nakikilala ka sa pangalan, at ikaw rin naman ay
nakasumpong ng biyaya sa aking paningin. 13 Ngayon nga,
isinasamo ko sa iyo, na kung ako'y nakasumpong ng biyaya
sa iyong paningin, ay ituro mo sa akin ngayon ang iyong
mga daan, upang ikaw ay aking makilala, na ano pa't ako'y
makasumpong ng biyaya sa iyong paningin: at akalain mo,
na ang bansang ito ay iyong bayan. 14 At kaniyang sinabi,
Ako'y sasa iyo, at ikaw ay aking bibigyan ng kapahingahan.
15 At sinabi niya sa kaniya, Kung ikaw ay hindi sasa akin ay
huwag mo na kaming pasampahin mula rito. 16 Sapagka't
saan ngayon makikilala na ako'y nakasumpong ng biyaya
sa iyong paningin, ako at ang iyong bayan? hindi ba dahil
sa ikaw ay lumalakad na kasama namin, upang kami ay
maging bukod, ako at ang iyong bayan, sa lahat ng bayan
na nasa balat ng lupa? 17 At sinabi ng Panginoon kay
Moises, Akin ding gagawin ang bagay na ito na iyong
sinalita: sapagka't ikaw ay nakasumpong ng biyaya sa aking
paningin, at ikaw ay aking nakikilala sa pangalan. 18 At
sinabi ni Moises, Ipakita mo sa akin, idinadalangin ko sa
iyo, ang iyong kaluwalhatian. 19 At kaniyang sinabi, Aking
papangyayarihin ang aking buong kabutihan sa harap mo,
at aking itatanyag ang pangalan ng Panginoon sa harap
mo; at ako'y magkakaloob ng biyaya sa kanino mang aking
ibig pagkalooban, at ako'y magmamaawain sa kanino mang
aking ibig kaawaan. 20 At kaniyang sinabi, Hindi mo makikita
ang aking mukha: sapagka't hindi maaaring makita ako ng
tao at mabuhay. 21 At sinabi ng Panginoon, Narito, may
isang dako sa tabi ko, at ikaw ay tatayo sa ibabaw ng
batong iyan: 22 At mangyayari, na samantalang ang aking
kaluwalhatian ay dumadaan, na aking ilalagay ka sa isang
bitak ng bato, at tatakpan kita ng aking kamay hanggang sa
ako'y makaraan: 23 At aking aalisin ang aking kamay, at
iyong makikita ang aking likod: datapuwa't ang aking mukha
ay hindi makikita.

**34** At sinabi ng Panginoon kay Moises, Humugis ka ng
dalawang tapyas na bato na gaya ng una: at aking
isusulat sa mga tapyas ang mga salita na nasa unang mga
tapyas, na iyong sinira. 2 At iyong ihanda sa kinaumagahan,
at sumampa ka sa kinaumagahan sa bundok ng Sinai at
humarap ka roon sa akin sa taluktok ng bundok. 3 At
sinomang tao ay huwag sasampang kasama mo, o makikita
ang sinomang tao sa buong bundok; kahit ang mga kawan
at ang mga bakahan ay huwag manginain sa harap ng
bundok na yaon. 4 At siya'y humugis ng dalawang tapyas na
bato na gaya ng una; at bumangon si Moises na maaga
sa kinaumagahan, at sumampa sa bundok ng Sinai, gaya
ng iniutos ng Panginoon sa kaniya, at kinuha sa kaniyang
kamay ang dalawang tapyas na bato. 5 At ang Panginoon ay
bumaba sa ulap, at tumayong kasama niya roon at itinanyag
ang pangalan ng Panginoon. 6 At ang Panginoo'y nagdaan
sa harap niya, na itinanyag, Ang Panginoon, ang Panginoong
Dios na puspos ng kahabagan at mapagkaloob, banayad
sa pagkagalit, at sagana sa kaawaan at katotohanan; 7
Na gumagamit ng kaawaan sa libolibo, na nagpapatawad
ng kasamaan, at ng pagsalangsang, at ng kasalanan:
at sa anomang paraan ay hindi aariing walang sala ang
salarin; na dinadalaw ang kasamaan ng mga ama sa mga
anak, at sa mga anak ng mga anak, hanggang sa ikatlo
at ika apat na salin. 8 At nagmadali si Moises, at itinungo

ang kaniyang ulo sa lupa, at sumamba. 9 At kaniyang
sinabi, Kung ngayo'y nakasumpong ako ng biyaya sa iyong
paningin, Oh Panginoon, ay ipahintulot nawa ng Panginoon,
isinasamo ko sa iyo, na pasa gitna namin; sapagka't isang
bayang may matigas na ulo; at ipatawad mo ang aming
kasamaan, at ang aming kasalanan, at ariin mo kaming iyong
mana. 10 At kaniyang sinabi, Narito, ako'y nakikipagtipan
sa harap ng iyong buong bayan at gagawa ako ng mga
kababalaghan, na kailan ma'y hindi ginawa sa buong lupa,
o sa alin mang bansa: at ang buong bayan sa gitna ng
iyong kinaroroonan ay makakakita ng gawa ng Panginoon,
sapagka't kakilakilabot na bagay ang aking gagawin sa
pamamagitan mo. 11 Tuparin mo ang mga iniutos ko sa
iyo sa araw na ito: narito, aking pinalalayas sa harap mo
ang Amorrheo, at ang Cananeo, at ang Hetheo, at ang
Pherezeo, at ang Jebuseo. 12 Magingat ka, na huwag
kang makipagtipan sa mga tumatahan sa lupain na iyong
pinaroroonan, baka maging isang silo sa gitna mo: 13 Kundi
inyong iwawasak ang kanilang mga dambana, at inyong
pagpuputolputulin ang kanilang mga haligi at inyong ibubuwal
ang kanilang mga Asera. 14 Sapagka't hindi ka sasamba sa
ibang dios: sapagka't ang Panginoon na ang pangalan ay
Mapanibughuin; ay mapanibughuin ngang Dios: 15 Magingat
ka; baka ikaw ay makipagtipan sa mga tumatahan sa lupain,
at sila'y sumunod sa kanilang mga dios, at magsipaghain sa
kanilang mga dios, at ikaw ay alukin ng isa at kumain ka
ng kanilang hain; 16 At iyong papag-asawahin ang iyong
mga anak na lalake at kanilang mga anak na babae, at ang
kanilang mga anak na babae ay sumunod sa kanilang mga
dios at pasunurin ang inyong mga anak na sumunod sa
kanilang mga dios. 17 Huwag kang gagawa para sa iyo
ng mga dios na binubo. 18 Ang kapistahan ng tinapay na
walang lebadura ay iyong ipangingilin. Pitong araw na kakain
ka ng tinapay na walang lebadura na gaya ng iniutos ko sa
iyo, sa takdang panahon sa buwan ng Abib: sapagka't sa
buwan ng Abib, ay umalis ka sa Egipto. 19 Yaong lahat na
nagbubukas ng bahay-bata ay akin; at gayon din ang lahat
ng hayop na lalake, ang panganay ng baka at ng tupa, 20 At
ang panganay ng isang asno ay iyong tutubusin ng isang
kordero: at kung hindi mo tutubusin ay iyo ngang babaliin ang
kaniyang leeg. Lahat ng panganay sa iyong mga anak ay
iyong tutubusin. At walang lalapit sa harapan ko na walang
dala. 21 Anim na araw na gagawa ka, nguni't sa ikapitong
araw ay magpapahinga ka: sa panahon ng pagbubukid at sa
pagaani ay magpapahinga ka. 22 At iyong ipangingilin ang
kapistahan ng mga sanglinggo, ang sa mga unang bunga ng
pagaani ng trigo, at ang kapistahan ng pagaani sa katapusan
ng taon. 23 Makaitlo nga sa isang taon na haharap ang
lahat ng iyong mga lalake sa Panginoong Dios, na Dios ng
Israel. 24 Sapagka't aking palalayasin ang mga bansa sa
harap mo, at aking palalaparin ang iyong mga hangganan:
at hindi pagnanasaan ng sinoman ang iyong lupain, pagka
ikaw ay pumapanhik na humarap sa Panginoong iyong Dios,
na makaitlo sa isang taon. 25 Huwag kang maghahandog
ng dugo ng hain sa akin, na kasabay ng tinapay na may
lebadura; o magtitira man ng hain sa kapistahan ng paskua
hanggang sa kinaumagahan. 26 Ang pinakaunang bunga ng
iyong lupa ay iyong dadalhin sa bahay ng Panginoon mong
Dios. Huwag mong lulutuin ang batang kambing sa gatas ng
kaniyang ina. 27 At sinabi ng Panginoon kay Moises, Isulat
mo ang mga salitang ito: sapagka't ayon sa tunog ng mga
salitang ito, ay nakipagtipan ako sa iyo at sa Israel. 28 At
siya'y natira doong kasama ng Panginoon, na apat na pung
araw at apat na pung gabi; hindi man lamang siya kumain ng
tinapay, o uminom man ng tubig. At isinulat ng Panginoon sa
mga tapyas ang mga salita ng tipan, ang sangpung utos. 29
At nangyari, nang bumaba si Moises sa bundok ng Sinai,
na dala ang tapyas na bato ng patotoo sa kamay niya,
noong bumaba sa bundok ay hindi nalalaman ni Moises
na ang balat ng kaniyang mukha ay nagliliwanag dahil sa
pakikipagusap niya sa Dios. 30 At nang makita ni Aaron at
ng lahat ng mga anak ni Israel si Moises, narito, ang balat
ng kaniyang mukha ay nagliliwanag; at sila'y natakot na
lumapit sa kaniya. 31 At tinawag sila ni Moises; at si Aaron
at ang lahat ng puno sa Israel ay nagbalik sa kaniya: at
si Moises ay nagsalita sa kanila. 32 At pagkatapos, ang
lahat ng mga anak ni Israel ay lumapit; at kaniyang ibinigay
sa kanila sa pamamagitan ng utos ang lahat ng salita ng
Panginoon na sinalita sa kaniya sa bundok ng Sinai. 33
At pagkapagsalita sa kanila ni Moises ay naglagay siya ng
isang lambong sa kaniyang mukha. 34 Datapuwa't pagka
si Moises ay pumapasok sa harap ng Panginoon upang
makipagsalitaan sa kaniya, ay nagaalis siya ng lambong
hanggang siya'y makalabas; at siya'y lumabas at kaniyang
sinalita sa mga anak ni Israel ang iniutos sa kaniya; 35
At nakita ng mga anak ni Israel ang mukha ni Moises, na
ang balat ng mukha ni Moises ay nagliliwanag: at inilagay
uli ni Moises ang lambong sa ibabaw ng kaniyang mukha,
hanggang sa siya'y makapasok na nakipagsalitaan sa Dios.

**35** At pinulong ni Moises ang buong kapisanan ng mga
anak ni Israel, at sinabi sa kanila, Ito ang mga salita na
iniutos ng Panginoon, na inyong gagawin. 2 Anim na araw na
gagawa, datapuwa't ang ikapitong araw ay ipangingilin ninyo,
isang sabbath na takdang kapahingahan sa Panginoon:
sinomang gumawa ng anomang gawa sa araw na iyan ay
papatayin. 3 Huwag kayong magpapaningas ng apoy sa
inyong buong tahanan sa araw ng sabbath. 4 At sinalita
ni Moises, sa buong kapisanan ng mga anak ni Israel,

na sinasabi, Ito ang bagay na iniutos ng Panginoon, na
sinasabi, **5** Magsikuha kayo sa inyo ng isang handog na
taan sa Panginoon; sinomang may kusang loob, ay magdala
ng handog sa Panginoon; ginto, at pilak, at tanso; **6** At
kayong bughaw, at kulay-ube, at pula, at lino, at balahibo
ng kambing; **7** At mga balat ng tupang lalake na tininang
pula, at mga balat ng poka, at kahoy na akasia; **8** At langis
na pangilawan, at mga espesia sa langis na pangpahid,
at sa mabangong kamangyan: **9** At mga batong onix, at
mga batong pangkalupkop, na pang-epod, at pangpektoral.
**10** At pumarito ang bawa't matalino sa inyo, at gawin ang
lahat ng iniutos ng Panginoon; **11** Ang tabernakulo, ang
tolda niyan, at ang takip niyan, ang mga kawit niyan, at ang
mga tabla niyan, ang mga barakilan niyan, ang mga haligi
niyan, at ang mga tungtungan niyan; **12** Ang kaban, at ang
mga pingga niyan, ang luklukan ng awa, at ang lambong ng
tabing; **13** Ang dulang at ang mga pingga niyan, at ang lahat
ng kasangkapan niyan at ang tinapay na handog; **14** Ang
kandelero rin naman na pangilaw, at ang mga kasangkapan
niyan, at ang mga ilawan niyan, at ang langis na pangilawan;
**15** At ang dambana ng kamangyan at ang mga pingga niyan,
at ang langis na pangpahid, at ang mabangong kamangyan,
at ang tabing na pangpintuan sa pintuan ng tabernakulo;
**16** Ang dambana ng handog na susunugin, sangpu ng
salang tanso niyan, at lahat ng mga kasangkapan niyan,
ang hugasan at ang tungtungan niyan; **17** Ang mga tabing
sa looban, ang mga haligi niyan, at ang mga tungtungan
ng mga iyan, at ang tabing sa pintuan ng looban; **18** Ang
mga tulos ng tabernakulo, at ang mga tulos ng looban,
at ang mga panali ng mga iyan; **19** Ang mga mainam na
yaring kasuutan sa pangangasiwa sa dakong banal, ang
mga banal na kasuutan kay Aaron na saserdote, at ang
mga kasuutan ng kaniyang mga anak, upang mangasiwa sa
katungkulang saserdote. **20** At ang buong kapisanan ng mga
anak ni Israel ay umalis sa harap ni Moises. **21** At sila'y
lumapit, lahat ng tao na napukaw ang kalooban, at lahat na
pinapagkusa ng sariling diwa, at nagdala ng panghandog
sa Panginoon, sa gawain sa tabernakulo ng kapisanan, at
sa buong ipaglilingkod at sa mga banal na kasuutan. **22** At
sila'y naparoon, mga lalake at mga babae, yaong lahat na
nagkaroon ng kusang loob, at nagdala ng mga espile, at
ng mga hikaw, at ng mga singsing na panatak, at ng mga
pulsera, ng madlang hiyas na ginto; sa makatuwid baga'y
lahat na naghandog ng handog na ginto sa Panginoon. **23**
At bawa't taong may kayong bughaw, at kulay-ube, at pula,
at lino, at balahibo ng mga kambing, at balat ng mga tupa
na tininang pula, at ng mga balat ng poka, ay nangagdala.
**24** Ang lahat na naghandog ng handog na pilak at tanso,
ay nagdala ng handog sa Panginoon: at lahat ng taong
may kahoy na akasia na magagamit sa anomang gawa
na paglilingkod ay nagdala. **25** At lahat ng mga babaing
matatalino ay nagsihabi ng kanilang mga kamay, at dinala
ang kanilang mga hinabi, na kayong bughaw, at kulay-ube,
at pula, at lino. **26** At lahat ng mga babae na napukaw
ang kalooban, sa karunungan, ay nagsihabi ng balahibo ng
mga kambing. **27** At ang mga pinuno ay nagdala ng mga
batong onix, at ng mga batong pangkalupkop na gamit sa
epod, at sa pektoral; **28** At ng mga espesia, at ng langis; na
pangilawan, at langis na pangpahid, at pangmabangong
kamangyan. **29** Ang mga anak ni Israel ay nagdala ng
kusang handog sa Panginoon; bawa't lalake at babae, na
ang puso'y nagkusang nagpadala ng magagamit sa lahat
na gawain, na iniutos ng Panginoon sa pamamagitan ni
Moises na gawin. **30** At sinabi ni Moises sa mga anak ni
Israel, Tingnan ninyo, tinawag ng Panginoon sa pangalan si
Bezaleel na anak ni Uri, na anak ni Hur, sa lipi ni Juda; **31**
At kaniyang pinuspos siya ng Espiritu ng Dios, tungkol sa
karunungan, sa pagkakilala, at sa kaalaman, at sa lahat ng
sarisaring gawain; **32** At upang kumatha ng mga gawang
kaayaaya, na gumawa sa ginto, at sa pilak, at sa tanso, **33** At
sa pagputol ng mga batong pangkalupkop, at sa pagukit sa
kahoy, na gumawa sa lahat ng sarisaring maiinam na gawa.
**34** At isinapuso niya ang katalinuhan, na siya'y makapagturo,
siya at gayon din si Aholiab, na anak ni Ahisamac, sa lipi ni
Dan. **35** Sila'y kaniyang pinuspos ng karunungan sa puso
upang gumawa ng lahat na sarisaring gawa, ng taga-ukit, at
tagakatha, at ng mangbuburda sa kayong bughaw, at sa
kulay-ube, sa pula, at sa lino, at ng manghahabi, ng mga
gumagawa ng anomang gawain, at ng mga kumakatha ng
maiinam na gawa.

**36** At si Bezaleel at si Aholiab ay gagawa, at lahat
ng matalino na pinagkalooban ng Panginoon ng
karunungan at pagkakilala na maalaman kung paanong
paggawa ng lahat ng gawa sa paglilingkod sa santuario,
ayon sa lahat ng iniutos ng Panginoon. **2** At tinawag ni
Moises si Bezaleel at si Aholiab, at lahat ng marunong na
pinagkalooban ng Panginoon ng karunungan sa puso, lahat
ng may pusong napukaw na pumaroon sa gawang gagawin:
**3** At kanilang tinanggap kay Moises ang lahat ng handog
na dinala ng mga anak ni Israel na magagamit sa gawang
paglilingkod sa santuario, upang gawin. At dinalhan pa nila
siya ng kusang handog tuwing umaga. **4** At nagsidating ang
lahat ng mga taong matatalino, na gumagawa ng lahat na
gawa, sa santuario, na bawa't isa'y mula sa kaniyang gawain
na ginagawa; **5** At sila'y nagsalita kay Moises, na nagsasabi,
Ang baya'y nagdadala ng higit kay sa kinakailangan sa
gawang paglilingkod, na iniutos gawin ng Panginoon. **6**
At si Moises ay nagbigay utos at itinanyag nila sa buong

kampamento na sinasabi, Huwag nang gumawa ang lalake o
ang babae man ng anomang gawang handog sa santuario.
Na ano pa't sinangsala na ang bayan sa pagdadala. 7
Sapagka't ang kagamitan na mayroon sila ay sapat na
sa lahat ng gawa na gagawin, at higit pa. 8 At lahat ng
matatalinong lalake sa gumagawa ng gawa, ay gumawa ng
tabernakulo na may sangpung tabing, na linong pinili, at
kayong bughaw, at kulay-ube, at pula na may mga querubin
na niyari ng bihasang manggagawa. 9 Ang haba ng bawa't
tabing ay dalawang pu't walong siko, at ang luwang ng bawa't
tabing ay apat na siko: lahat ng tabing ay magkakaisang
sukat. 10 At pinapagsugpong na isa't isa ang limang tabing:
at ang ibang limang tabing ay pinapagsugpong na isa't
isa. 11 At siya'y gumawa ng mga presilyang bughaw sa
gilid ng tabing, sa gilid ng pagkakasugpong: gayon din ang
ginawa niya sa gilid ng tabing na nasa dulo ng ikalawang
pagkakasugpong. 12 Limangpung presilya ang ginawa niya
sa isang tabing, at limangpung presilya ang ginawa niya
sa gilid ng tabing na nasa ikalawang pagkakasugpong:
ang mga presilya ay nagkakatapat na isa't isa. 13 At siya'y
gumawa ng limangpung kawit na ginto, at pinapagsugpong
ang mga tabing na ang isa'y sa isa, sa pamamagitan ng
mga kawit: sa gayo'y naging isa ang tabernakulo. 14 At
siya'y gumawa ng mga tabing na balahibo ng mga kambing
na magagamit sa tolda na nasa ibabaw ng tabernakulo:
labing isang tabing ang ginawa niya. 15 Ang haba ng bawa't
tabing ay tatlong pung siko, at apat na siko ang luwang ng
bawa't tabing; ang labing isang tabing ay magkakaisa ng
sukat. 16 At kaniyang pinapagsugpong ang limang tabing
at ang anim na tabing ay bukod. 17 At siya'y gumawa ng
limangpung presilya sa gilid ng unang tabing, sa dulo ng
pagkakasugpong, at limangpung presilya ang ginawa niya sa
gilid ng tabing na nasa dulo ng ikalawang pagkakasugpong.
18 At siya'y gumawa ng limangpung kawit na tanso ng
papagsugpungin ang tolda, upang maging isa. 19 At siya'y
gumawa ng isang pantakip sa tolda na balat ng mga tupa na
tininang pula, at ng isang takip na balat ng poka sa ibabaw.
20 At siya'y gumawa ng mga tabla para sa tabernakulo na
kahoy na akasia, na pawang patayo. 21 Sangpung siko ang
haba ng isang tabla, at isang siko't kalahati ang luwang ng
bawa't tabla. 22 Bawa't tabla'y mayroong dalawang mitsa na
nagkakasugpong na isa't isa: gayon ang ginawa niya sa
lahat ng tabla ng tabernakulo. 23 At kaniyang iginawa ng
mga tabla ang tabernakulo; dalawangpung tabla sa tagilirang
timugan na dakong timugan: 24 At siya'y gumawa ng apat
na pung tungtungang pilak sa ilalim ng dalawang pung tabla:
dalawang tungtungan sa ilalim ng isang tabla na ukol sa
kaniyang dalawang mitsa; at dalawang tungtungan sa ilalim
ng isang tabla na ukol sa kaniyang dalawang mitsa. 25 At sa
ikalawang tagiliran ng tabernakulo sa dakong hilagaan, ay
gumawa siya ng dalawang pung tabla. 26 At ng kanilang
apat na pung tungtungang pilak; dalawang tungtungan sa
ilalim ng isang tabla, at dalawang tungtungan sa ilalim ng
ibang tabla. 27 At sa dakong hulihan ng tabernakulo, sa
kalunuran ay gumawa siya ng anim na tabla. 28 At dalawang
tabla ang ginawa niya sa mga sulok ng tabernakulo sa
dakong hulihan. 29 Na mga nasugpong sa tablang nauukol
sa dakong ibaba at nauugnay na mainam hanggang sa
itaas, sa isang argolya; gayon ginawa niya sa dalawang
yaon sa dalawang sulok. 30 At mayroong walong tabla, at
ang mga tungtungang pilak, ay labing anim na tungtungan;
sa ilalim ng bawa't tabla ay dalawang tungtungan. 31 At
siya'y gumawa ng mga barakilan na kahoy na akasia; lima
sa mga tabla ng isang tagiliran ng tabernakulo, 32 At limang
barakilan sa mga tabla ng kabilang tagiliran ng tabernakulo,
at limang barakilan sa mga tabla ng tabernakulo sa dakong
hulihan na dakong kalunuran. 33 At kaniyang pinaraan ang
gitnang barakilan sa gitna ng mga tabla, mula sa isang
dulo hanggang sa kabila. 34 At kaniyang binalot ang mga
tabla ng ginto, at ginto niya ang kanilang mga argolya
na mga daraanan ng mga barakilan, at binalot ang mga
barakilan ng ginto. 35 At kaniyang ginawa ang lambong na
kayong bughaw, at kulay-ube, at pula, at linong pinili na may
mga querubin na gawa ng bihasang manggagawa. 36 At
kanilang iginawa ng apat na haliging akasia, at pinagbalot ng
ginto: ang kanilang mga sima ay ginto rin: at kaniyang mga
ipinagbubo ng apat na tungtungang pilak. 37 At kaniyang
iginawa ng tabing ang pintuan ng Tolda, na kayong bughaw,
at kulay-ube, at pula, linong pinili, na yari ng mangbuburda;
38 At iginawa niya ng limang haligi sangpu ng kanilang mga
sima: at kaniyang binalot ang mga kapitel at ang kanilang
mga pilete ng ginto; at ang kanilang limang tungtungan ay
tanso.

**37** At kahoy na akasia ang ginawang kaban ni Bezaleel:
na may dalawang siko't kalahati ang haba niyaon, at
may isang siko't kalahati ang luwang niyaon, at may isang
siko't kalahati ang taas niyaon: 2 At kaniyang binalot ng
taganas na ginto sa loob at sa labas, at iginawa ng isang
kornisang ginto sa palibot. 3 At ipinagbubo niya ng apat
na argolyang ginto, sa apat na sulok niyaon; sa makatuwid
baga'y dalawang argolya sa isang tagiliran. 4 At siya'y
gumawa ng mga pingga na kahoy na akasia, at pinagbalot
ng ginto. 5 At isinuot ang mga pingga sa mga argolya, sa
mga tagiliran ng kaban, upang mabuhat ang kaban. 6 At
gumawa siya ng isang luklukan ng awa na taganas na ginto:
na may dalawang siko at kalahati ang haba, at may isang
siko't kalahati ang luwang. 7 At siya'y gumawa ng dalawang
querubing ginto; na niyari niya sa pamukpok sa dalawang

dulo ng luklukan ng awa; 8 Isang querubin sa isang dulo, at
isang querubin sa kabilang dulo: na kaputol ng luklukan ng
awa, ginawa niya ang mga querubin sa dalawang dulo. 9 At
ibinubuka ng mga querubin ang mga pakpak na paitaas, na
nalililiman ng kanilang mga pakpak ang luklukan ng awa, na
nagkakaharap ang kanilang mga mukha; sa dakong luklukan
ng awa nakaharap ang mga mukha ng mga querubin. 10 At
ginawa rin niya ang dulang na kahoy na akasia; na may
dalawang siko ang haba niyaon, at isang siko ang luwang
niyaon, at isang siko't kalahati ang taas niyaon: 11 At binalot
niya ng taganas na ginto, at iginawa niya ng isang kornisang
ginto sa palibot. 12 At iginawa niya ng isang gilid na may
isang kamay ang luwang sa palibot, at iginawa ng isang
ginintong kornisa ang gilid sa palibot. 13 At ipinagbubo ng
apat na argolyang ginto, at inilagay ang mga argolya sa
apat na sulok na ukol sa apat na paa niyaon. 14 Malapit sa
gilid ang mga argolya, na daraanan ng mga pingga, upang
mabuhat ang dulang. 15 At ginawa niya ang mga pingga na
kahoy na akasia, at pinagbalot ng ginto, upang mabuhat
ang dulang. 16 At ginawa niyang taganas na ginto ang mga
kasangkapang nasa ibabaw ng dulang, ang mga pinggan
niyaon, at ang mga kutsara niyaon, at ang mga tasa niyaon,
at ang mga kopa niyaon, na pagbubuhusan. 17 At kaniyang
ginawa ang kandelero na taganas na ginto: niyari niya sa
pamukpuk ang kandelero, ang tungtungan niyaon at ang
haligi niyaon; ang mga kopa niyaon, ang mga globito niyaon,
at ang mga bulaklak ay kaputol niyaon: 18 At may anim na
sangang lumalabas sa dalawang tagiliran niyaon; tatlong
sanga ng kandelero ay sa isang tagiliran, at tatlong sanga
ng kandelero ay sa kabilang tagiliran: 19 Tatlong kopang
anyong bulaklak ng almendro sa isang sanga, isang globito
at isang bulaklak; at tatlong kopang anyong bulaklak ng
almendro sa kabilang sanga, isang globito at isang bulaklak;
gayon sa anim na sangang lumalabas sa kandelero. 20
At sa kandelero'y may apat na kopang anyong bulaklak
ng almendro, sangpu ng mga globito niyaon, at ng mga
bulaklak niyaon: 21 At may isang globito sa ilalim ng dalawa
sa mga sanga na kaputol niyaon, at isang globito sa ilalim
ng kabilang dalawa sa mga sanga na kaputol niyaon, at
isang globito sa ilalim ng dalawang sanga na kaputol niyaon,
sapagka't ang anim na sanga ay lumalabas doon. 22 Ang
mga globito at ang mga sanga ay kaputol ng kandelero: ang
kabuoa'y isa lamang putol na yari sa pamukpok, taganas na
ginto. 23 At kaniyang ginawa ang mga ilawan niyaong pito,
at ang mga pangipit niyaon, at ang mga pinggan niyaon, na
taganas na ginto. 24 Na isang talento na taganas na ginto
ginawa niya, at ang lahat ng mga kasangkapan niyaon. 25
At kaniyang ginawa ang dambanang suuban na kahoy na
akasia: isang siko ang haba niyaon, at isang siko ang luwang
niyaon, parisukat at dalawang siko ang taas niyaon; ang
mga anyong sungay niyaon ay kaputol din. 26 At kaniyang
binalot ng taganas na ginto ang ibabaw niyaon, at ang
mga tagiliran niyaon sa palibot, at ang mga anyong sungay
niyaon: at kaniyang iginawa ng isang kornisang ginto sa
palibot. 27 At iginawa niya ng dalawang gintong argolya sa
ilalim ng kornisa, sa dakong itaas ng dalawang panig, sa
ibabaw ng dalawang panig, na pagsusuutan ng mga pingga
upang mabuhat. 28 At kaniyang ginawa ang mga pingga na
kahoy na akasia, at mga binalot na ginto. 29 At kaniyang
ginawa ang banal na langis na pangpahid, at ang taganas
na kamangyan na mainam na pabango ayon sa katha ng
manggagawa ng pabango.

**38** At kaniyang ginawa ang dambanang pagsusunugan
ng handog na kahoy na akasia: limang siko ang haba
niyaon, at limang siko ang luwang niyaon, parisukat; at
tatlong siko ang taas niyaon. 2 At kaniyang ginawa ang mga
anyong sungay niyaon sa ibabaw ng apat na sulok niyaon;
ang mga anyong sungay niyaon ay kaputol din: at kaniyang
binalot ng tanso. 3 At kaniyang ginawa ang lahat ng mga
kasangkapan ng dambana: ang mga kawa, at ang mga
pala, at ang mga mangkok, ang mga pangalawit, at ang
mga suuban lahat ng kasangkapan ay kaniyang ginawang
tanso. 4 At kaniyang iginawa ang dambana ng isang salang
tanso na ayos lambat, sa ibaba ng gilid ng dambana sa
palibot niyaon, sa dakong ibaba, na umaabot hanggang sa
kalahatian ng dambana. 5 At siya'y nagbubo ng apat na
argolya para sa apat na sulok ng pinakasalang tanso, sa
mga dakong susuutan ng mga pingga. 6 At ginawa niya ang
mga pingga na kahoy na akasia, at pinagbalot ng tanso. 7
At kaniyang isinuot ang mga pingga sa mga argolya na nasa
mga tagiliran ng dambana, upang mabuhat; ginawa niya ang
dambana na kuluong sa pamamagitan ng mga tabla. 8 At
kaniyang ginawa ang hugasan na tanso, at ang tungtungan
niyao'y tanso, na niyari sa mga salamin ang tanso ng mga
tagapaglingkod na babae na naglilingkod sa pintuan ng
tabernakulo ng kapisanan. 9 At kaniyang ginawa ang looban,
sa tagilirang timugan na dakong timugan, ang tabing ng
looban ay mga linong pinili na may isang daang siko: 10
Ang mga haligi ng mga yao'y dalawangpu, at ang mga
tungtungan ay dalawangpu, tanso; ang mga sima ng mga
haligi at ang mga pilete ay pilak. 11 At sa dakong hilagaan
ay may isang daang siko, ang mga haligi ay dalawangpu,
at ang mga tungtungan ay dalawangpu, tanso; ang mga
sima ng mga haligi at ang mga pilete ay pilak. 12 At sa
tagilirang kalunuran, may mga tabing na may limangpung
siko, ang mga haligi ay sangpu, at ang mga tungtungan ay
sangpu; ang mga sima ng mga haligi at ang mga pilete ay
pilak. 13 At sa tagilirang silanganan na dakong silanganan

ay may limangpung siko. 14 Ang mga tabing sa isang dako
ng pintuang-daan ay may labinglimang siko; ang mga haligi
ay tatlo, at ang mga tungtungan ay tatlo; 15 At gayon din sa
kabilang dako: sa dakong ito at sa dakong yaon ng pintuang
daan ng looban ay may mga tabing na tiglalabing limang
siko; ang mga haligi niyaon, ay tatlo, at ang mga tungtungan
niyaon ay tatlo. 16 Lahat ng mga tabing ng looban sa palibot,
ay linong pinili. 17 At ang mga tungtungan para sa mga
haligi ay tanso: ang mga sima ng mga haligi at ang mga
pilete ay pilak; at ang mga balot ng mga kapitel ay pilak;
at ang lahat ng haligi ng looban ay napipiletehan ng pilak.
18 At ang tabing sa pintuang daan ng looban ay yari ng
mangbuburda, na kayong bughaw, at kulay-ube, at pula,
at linong pinili: at may dalawangpung siko ang haba, at
ang taas sa luwang ay may limang siko, na kabagay ng
mga tabing sa looban. 19 At ang mga haligi ay apat, at ang
mga tungtungan ay apat, tanso; ang mga sima ay pilak,
at ang mga balot ng kapitel, at ang mga pilete ay pilak.
20 At lahat ng mga tulos ng tabernakulo, at ng looban sa
palibot, ay tanso. 21 Ito ang mga bilang ng mga bagay
sa tabernakulo, sa makatuwid baga'y sa tabernakulo ng
patotoo, gaya ng binilang nila, ayon sa utos ni Moises para
sa paglilingkod ng mga Levita sa pamamagitan ni Ithamar
na anak ni Aaron na saserdote. 22 At ginawa ni Bezaleel
na anak ni Uri, na anak ni Hur, sa lipi ni Juda, yaong lahat
na iniutos ng Panginoon kay Moises. 23 At kasama niya si
Aholiab, na anak ni Ahisamac, sa lipi ni Dan, na tagapagukit,
at bihasang manggagawa, at mangbuburda sa bughaw
at sa kulay-ube, at sa pula, at sa lino. 24 Lahat ng ginto
na ginamit sa gagawin sa buong gawain sa santuario, sa
makatuwid baga'y ang gintong handog ay dalawangpu't
siyam na talento, at pitong daan at tatlongpung siklo, ayon sa
siklo ng santuario. 25 At ang pilak niyaong mga nabilang sa
kapisanan ay isang daang talento, at isang libo't pitong daan
at pitongpu't limang siklo, ayon sa siklo ng santuario: 26 Na
tigisang beka bawa't ulo, samakatuwid, kalahati ng isang
siklo, ayon sa siklo ng santuario, sa bawa't isa na nasanib
sa mga nabilang, magmula sa dalawangpung taong gulang
na patanda, sa anim na raan at tatlong libo at limang daan
at limangpung lalake. 27 At ang isang daang talentong pilak
ay ginamit sa pagbububo ng mga tungtungan ng santuario,
at ng mga tungtungan ng mga haligi ng lambong; isang
daang tungtungan sa isang daang talento, isang talento sa
bawa't tungtungan. 28 At sa isang libo't pitong daan at pitong
pu't limang siklo, ay naigawa ng sima ang mga haligi at
binalot ang mga kapitel, at iginawa ng mga pilete. 29 At ang
tansong handog ay pitongpung talento, at dalawang libo
at apat na raang siklo. 30 At siyang ipinaggawa ng mga
tungtungan sa pintuan ng tabernakulo ng kapisanan, at ng
dambanang tanso, at ng salang tanso niyaon, at ng lahat
ng kasangkapan ng dambana, 31 At ng mga tungtungan
ng looban sa palibot, at ng mga tungtungan ng pintuan ng
looban, at ng lahat ng mga tulos ng dampa, at ng lahat ng
mga tulos ng looban sa palibot.

**39** At sa kayong bughaw, at kulay-ube, at pula, ay gumawa
sila ng mga kasuutang mainam ang pagkayari upang
gamitin sa pangangasiwa sa dakong banal, at ginawang mga
banal na kasuutan kay Aaron; gaya ng iniutos ng Panginoon
kay Moises. 2 At kaniyang ginawa ang epod na ginto, na
kayong bughaw, at kulay-ube, at pula, at linong pinili. 3 At
kanilang pinukpok ang ginto na pinanipis na pahaba at pinutol
na ginawang kawad na ginto, upang itahi sa kayong bughaw,
at sa kulay-ube, at sa pula, at sa lino na gawa ng bihasang
manggagawa. 4 Kanilang iginawa ng mga pangbalikat, na
nagkakasugpong: sa dalawang dulo ay nagkakasugpong. 5
At ang mainam na pagkayaring pamigkis, na nasa ibabaw
ng epod upang ibigkis, ay kaputol at gaya ng pagkayari ng
epod; na ginto, at kayong bughaw, at kulay-ube, at pula,
linong pinili; gaya ng iniutos ng Panginoon kay Moises. 6 At
kanilang ginawa ang mga batong onix na pinamutihan ng
kalupkop na ginto, na ayos ukit ng isang panatak, ayon sa
mga pangalan ng mga anak ni Israel. 7 At kaniyang inilagay
sa ibabaw ng pangbalikat ng epod upang maging mga
batong pinakaalaala sa ikagagaling ng mga anak ni Israel;
gaya ng iniutos ng Panginoon kay Moises. 8 At kaniyang
ginawa ang pektoral, na gawa ng bihasang manggagawa,
gaya ng pagkayari ng epod; na ginto, at kayong bughaw,
at kulay-ube, at pula, at linong pinili. 9 Parisukat; kanilang
ginawang nakatiklop ang pektoral: isang dangkal ang luwang
niyaon, pagka nakatiklop. 10 At kanilang kinalupkupan ng
apat na hanay na sarisaring bato: isang hanay ay sardio,
topacio, at karbungko na siyang unang hanay. 11 At ang
ikalawang hanay, ay isang esmeralda, isang zafiro, at isang
diamante. 12 At ang ikatlong hanay, ay isang jacinto, isang
agata, at isang ametista. 13 At ang ikaapat na hanay ay
isang berilo, isang onix, at isang jaspe; na mga natatakpan
ng mga pamuting ginto sa kanilang mga pagkakakalupkop.
14 At ang mga bato ay ayon sa mga pangalan ng mga anak
ni Israel, labingdalawa, ayon sa kanilang mga pangalan; na
ayos ukit ng isang panatak; bawa't isa'y ayon sa kaniyang
pangalan, na ukol sa labingdalawang lipi. 15 At kanilang
iginawa ang pektoral ng mga tanikalang parang tirintas na
ayos pinili na taganas na ginto. 16 At sila'y gumawa ng
dalawang pangkalupkop na ginto, at ng dalawang singsing
na ginto; at inilagay ang dalawang singsing sa dalawang dulo
ng pektoral. 17 At kanilang ikinabit ang dalawang tanikalang
pinili na ginto sa dalawang singsing sa mga sulok ng pektoral.
18 At ang ibang dalawang dulo ng dalawang tanikalang ayos

singsing ay kanilang ikinabit sa dalawang pangkalupkop, at
mga ikinabit sa mga pangbalikat ng epod sa dakong harapan
niyaon. **19** At sila'y gumawa ng ibang dalawang singsing na
ginto, at mga inilagay sa dalawang sulok ng pektoral sa gilid
niyaon, na nasa dakong kabaligtaran ng epod. **20** At sila'y
gumawa ng dalawang singsing na ginto, at mga ikinabit sa
dalawang pangbalikat ng epod sa dakong ibaba, sa may
harapan, na malapit sa pagkakasugpong, sa ibabaw ng
mainam na pagkayaring pamigkis ng epod. **21** At kanilang
itinali ang pektoral sa pamamagitan ng mga singsing, sa mga
singsing ng epod ng isang panaling bughaw upang mamalagi
sa ibabaw ng mainam na pagkayaring pamigkis ng epod;
gaya ng iniutos ng Panginoon kay Moises. **22** At kaniyang
ginawa ang balabal ng epod na yari ng manghahabi, na
taganas na bughaw; **23** At ang butas ng balabal ay nasa
gitna niyaon na gaya ng leeg ng isang koselete, na may
isang uriang tinahi sa palibot ng pinakaleeg upang huwag
mapunit. **24** At kanilang ginawan ang mga ribete ng balabal
ng mga granadang kayong bughaw, at kulay-ube, at pula,
at linong pinili. **25** At sila'y gumawa ng mga kampanilyang
taganas na ginto, at inilagay ang mga kampanilya sa pagitan
ng mga granada sa ibabaw ng ribete ng balabal sa palibot,
sa pagitan ng mga granada; **26** Isang kampanilya at isang
granada, isang kampanilya at isang granada, sa ibabaw
ng ribete ng balabal sa palibot, upang ipangasiwa gaya ng
iniutos ng Panginoon kay Moises. **27** At kanilang ginawa
ang mga tunika na lino na yaring hinabi para kay Aaron,
at sa kaniyang mga anak, **28** At ang mitra na lino, at
ang mga mainam na tiara na lino, at ang mga salawal na
lino na kayong pinili na lino, **29** At ang bigkis na linong
pinili, at kayong bughaw at kulay-ube, at pula, na gawa ng
mangbuburda; gaya ng iniutos ng Panginoon kay Moises.
**30** At kanilang ginawa ang lamina ng banal na korona na
taganas na ginto, at sinulatan ng isang titik na ayos ukit ng
isang panatak, Banal sa Panginoon. **31** At kanilang tinalian
ng isang panaling bughaw, upang ilapat sa ibabaw ng mitra;
gaya ng iniutos ng Panginoon kay Moises. **32** Gayon natapos
ang buong gawa sa tabernakulo ng kapisanan: at ginawa ng
mga anak ni Israel ayon sa buong iniutos ng Panginoon
kay Moises: gayon ginawa nila. **33** At kanilang dinala ang
tabernakulo kay Moises, ang Tolda at ang lahat ng mga
kasangkapan niyaon, ang mga kawit, ang mga tabla, ang
mga barakilan, at ang mga haligi, at ang mga tungtungan;
**34** At ang takip na mga balat ng mga tupa na tinina sa
pula, at ang takip na balat ng mga poka, at ang lambong
ng tabing; **35** Ang kaban ng patotoo at ang mga pingga
niyaon, at ang luklukan ng awa; **36** Ang dulang, lahat ng mga
sisidlan niyaon, at ang tinapay na handog; **37** Ang dalisay
na kandelero, ang mga ilawan niyaon, ang mga ilawan na
inayos, at lahat ng mga sisidlan niyaon, at ang langis na
pangilawan; **38** At ang dambanang ginto, at ang langis na
pangpahid, ang mabangong kamangyan, at ang tabing na
gamit sa pintuan ng Tolda; **39** Ang dambanang tanso, at ang
pinakasalang tanso, ang mga pingga at ang lahat ng mga
sisidlan niyaon, ang hugasan at ang tungtungan; **40** Ang mga
tabing ng looban, ang mga haligi, at ang mga tungtungan
at ang tabing na pangpintuang-daan ng looban, ang mga
panali, at ang mga tulos, at lahat ng mga kasangkapan
sa paglilingkod sa tabernakulo, na gamit sa tabernakulo
ng kapisanan; **41** Ang maiinam na pagkayaring kasuutan
na gamit sa pangangasiwa sa dakong banal, at ang mga
banal na kasuutan para kay Aaron na saserdote, at ang
mga kasuutan ng kaniyang mga anak, upang mangasiwa
sa katungkulang saserdote. **42** Ayon sa lahat na iniutos ng
Panginoon kay Moises, ay gayon ginawa ng mga anak ni
Israel ang lahat ng gawa. **43** At nakita ni Moises ang lahat ng
gawain, at, narito, kanilang nagawa na kung paanong iniutos
ng Panginoon ay gayon nila ginawa: at pinagbabasbasan ni
Moises.

**40** At sinalita ng Panginoon kay Moises na sinasabi, **2**
Sa unang araw ng unang buwan ay iyong itatayo
ang tabernakulo ng kapisanan. **3** At iyong isisilid doon
ang kaban ng patotoo, at iyong tatabingan ang kaban
ng lambong. **4** At iyong ipapasok ang dulang, at iyong
aayusin ang mga bagay na nasa ibabaw niyaon; at iyong
ipapasok ang kandelero at iyong sisindihan ang mga ilawan
niyaon. **5** At iyong ilalagay ang dambanang ginto para sa
kamangyan sa harap ng kaban ng patotoo, at ilalagay mo
ang tabing ng pintuan sa tabernakulo. **6** At iyong ilalagay
ang dambanang pagsusunugan ng handog sa harap ng
pintuan ng tabernakulo ng kapisanan. **7** At iyong ilalagay
ang hugasan sa pagitan ng tabernakulo at ng dambana,
at iyong sisidlan ng tubig. **8** At iyong ilalagay ang looban
sa palibot, at ibibitin mo ang tabing sa pintuang daan
ng looban. **9** At kukuha ka ng langis na pangpahid, at
papahiran mo ang tabernakulo, at lahat na nandoon, at iyong
pakakabanalin, at lahat ng kasangkapan niyaon: at magiging
banal. **10** At iyong papahiran ng langis ang dambanang
pagsusunugan ng handog, at ang lahat ng kasangkapan,
at iyong pakakabanalin ang dambana: at ang dambana
ay magiging kabanalbanalan. **11** At iyong papahiran din
naman ng langis ang hugasan at ang tungtungan, at iyong
pakakabanalin. **12** At iyong dadalhin si Aaron at ang kaniyang
mga anak sa pintuan ng tabernakulo ng kapisanan, at iyong
paliliguan ng tubig. **13** At iyong isusuot kay Aaron ang mga
banal na kasuutan; at iyong papahiran ng langis siya, at iyong
papagbanalin siya, upang siya'y makapangasiwa sa akin sa
katungkulang saserdote. **14** At iyong dadalhin ang kaniyang

mga anak, at iyong susuutan sila ng mga kasuutan: 15 At
iyong papahiran ng langis sila gaya ng iyong pagkapahid
sa kanilang ama, upang sila'y makapangasiwa sa akin sa
katungkulang saserdote, at ang pagpapahid sa kanila ay
maging sa kanila'y pinakatanda ng walang hanggang pagka-
saserdote sa buong panahon ng kanilang lahi. 16 Gayon
ginawa ni Moises, ayon sa lahat ng iniutos ng Panginoon sa
kaniya, ay gayong ginawa niya. 17 At nangyari sa unang
buwan nang ikalawang taon nang unang araw ng buwan,
na ang tabernakulo'y itinayo. 18 At itinayo ni Moises ang
tabernakulo, at inilagay ang mga tungtungan, at ipinatong
ang mga malaking tabla, at isinuot ang mga barakilan, at
itinayo ang mga haligi niyaon. 19 At kaniyang inunat ang
tolda sa ibabaw ng tabernakulo, at kaniyang inilagay ang
takip ng tabernakulo sa itaas ng ibabaw niyaon; gaya ng
iniutos ng Panginoon kay Moises. 20 At kaniyang kinuha
at inilagay ang mga tabla ng patotoo sa loob ng kaban, at
kaniyang inilagay ang mga pingga sa kaban, at kaniyang
inilagay ang luklukan ng awa sa itaas ng ibabaw ng kaban:
21 At kaniyang ipinasok ang kaban sa tabernakulo, at inayos
ang lambong ng tabing, at tinabingan ang kaban ng patotoo:
gaya ng iniutos ng Panginoon kay Moises. 22 At kaniyang
inilagay ang dulang sa loob ng tabernakulo ng kapisanan, sa
dakong hilagaan ng tabernakulo, sa labas ng lambong. 23 At
kaniyang inayos ang tinapay sa ibabaw ng dulang sa harap
ng Panginoon, gaya ng iniutos ng Panginoon kay Moises.
24 At kaniyang inilagay ang kandelero sa tabernakulo ng
kapisanan, sa tapat ng dulang, sa tagilirang timugan ng
tabernakulo. 25 At kaniyang sinindihan ang mga ilawan sa
harap ng Panginoon; gaya ng iniutos ng Panginoon kay
Moises. 26 At kaniyang inilagay ang dambanang ginto sa
loob ng tabernakulo ng kapisanan sa harap ng lambong.
27 At siya'y nagsunog doon ng kamangyan na mabangong
espesia; gaya ng iniutos ng Panginoon kay Moises. 28 At
kaniyang inilagay ang tabing ng pintuan sa tabernakulo.
29 At kaniyang inilagay ang dambanang pagsusunugan
ng handog sa pintuan ng tabernakulo ng kapisanan, at
pinaghandugan ng handog na susunugin, at ng handog na
harina; gaya ng iniutos ng Panginoon kay Moises. 30 At
kaniyang inilagay ang hugasan sa pagitan ng tabernakulo,
ng kapisanan at ng dambana, at sinidlan ng tubig upang
paghugasan. 31 At si Moises at si Aaron at ang kaniyang
mga anak, ay nagsipaghugas doon ng kanilang mga kamay
at ng kanilang mga paa; 32 Pagka sila'y pumapasok sa
tabernakulo ng kapisanan, at pagka sila'y lumalapit sa
dambana ay naghuhugas sila: gaya ng iniutos ng Panginoon
kay Moises. 33 At kaniyang inilagay ang looban sa palibot ng
tabernakulo at ng dambana, at iniayos ang tabing ng pintuang
daan ng looban. Gayon tinapos ni Moises ang gawain.
34 Nang magkagayo'y tinakpan ng ulap ang tabernakulo
ng kapisanan, at pinuno ng Panginoon ng kaluwalhatian
ang tabernakulo. 35 At si Moises ay hindi makapasok sa
tabernakulo ng kapisanan, sapagka't lumagay sa ibabaw
niyaon ang ulap, at pinuspos ng Panginoon ng kaluwalhatian
ang tabernakulo. 36 At pagka ang ulap ay napaiitaas mula
sa tabernakulo, ay nagpapatuloy ang mga anak ni Israel sa
kanilang buong paglalakbay: 37 Datapuwa't kung ang ulap
ay hindi napaiitaas, ay hindi nga sila naglalakbay hanggang
sa araw na napaiitaas. 38 Sapagka't ang ulap ng Panginoon
ay nasa ibabaw ng tabernakulo sa araw, at may apoy sa
loob niyaon sa gabi, sa paningin ng buong lahi ng Israel, sa
kanilang buong paglalakbay.

# Levitico

**1** At tinawag ng Panginoon si Moises at sinalita sa kaniya
mula sa tabernakulo ng kapisanan, na sinasabi, **2** Salitain
mo sa mga anak ni Israel at sabihin mo sa kanila, Pagka ang
sinoman sa inyo ay naghahandog ng alay sa Panginoon,
ang ihahandog ninyong alay ay galing sa mga hayop, sa
mga bakahan at sa kawan. **3** Kung ang kaniyang alay ay
handog na susunugin na kinuha sa bakahan, ang ihahandog
niya'y isang lalake na walang kapintasan: sa pintuan ng
tabernakulo ng kapisanan ihahandog niya, upang tanggapin
sa harap ng Panginoon. **4** At ipapatong niya ang kaniyang
kamay sa ulo ng handog na susunugin; at tatanggapin sa
ikagagaling niya, upang gumawa ng pakikipagkasundo sa
kaniya. **5** At kaniyang papatayin ang guyang toro sa harap ng
Panginoon: at ang mga anak ni Aaron, ang mga saserdote,
ay siyang mangaghaharap ng dugo at iwiwisik ang dugo
sa palibot ng dambana na nasa pintuan ng tabernakulo
ng kapisanan. **6** At lalaplapin ang handog na susunugin,
at kakatayin. **7** At ang mga anak ni Aaron na saserdote
ay magsisipaglagay ng apoy sa ibabaw ng dambana, at
magsisipagayos ng kahoy sa apoy; **8** At aayusin ng mga anak
ni Aaron, na mga saserdote, ang mga pinagputolputol, ang
ulo, at ang taba, sa kahoy na nakapatong sa apoy na nasa
ibabaw ng dambana: **9** Datapuwa't ang mga lamang loob at
ang mga paa, ay huhugasan niya ng tubig. At susunugin
ng saserdote ang kabuoan sa ibabaw ng dambana na
pinakahandog na susunugin, isang handog nga na pinaraan
sa apoy na pinakamasarap na amoy sa Panginoon. **10** At
kung ang kaniyang alay ay kinuha sa kawan, sa mga tupa,
o sa mga kambing, na pinakahandog na susunugin; ang
kaniyang ihahandog ay isang lalaking walang kapintasan. **11**
At kaniyang papatayin sa dakong hilagaan ng dambana, sa
harap ng Panginoon: at iwiwisik ng mga anak ni Aaron, na
mga saserdote, ang dugo niyaon sa ibabaw ng dambana sa
palibot. **12** At kaniyang kakatayin pati ang ulo, at ang taba; at
mga iaayos ng saserdote sa ibabaw ng kahoy na nasa apoy
sa ibabaw ng dambana; **13** Datapuwa't ang mga lamang
loob at ang mga paa ay huhugasan ng tubig. At ihahandog
ng saserdote ang kabuoan, at susunugin sa dambana: isa
ngang handog na susunugin na isang handog na pinaraan sa
apoy na pinakamasarap na amoy sa Panginoon. **14** At kung
ang kaniyang alay sa Panginoon ay handog na susunugin na
mga ibon, ang ihahandog nga niyang alay ay mga batobato
o mga inakay ng kalapati. **15** At dadalhin ng saserdote sa
dambana, at pupugutan ng ulo yaon, at susunugin sa ibabaw
ng dambana; at ang dugo'y pipigain sa tabi ng dambana: **16**
At aalisin niya ang butsi pati ang mga balahibo, at ihahagis
sa tabi ng dambana, sa dakong silanganan, sa kinalalagyan
ng mga abo: **17** At babaakin na hahawakan sa mga pakpak,
datapuwa't hindi pakakahatiin. At susunugin ng saserdote sa
ibabaw ng dambana, sa ibabaw ng kahoy na nasa apoy: isa
ngang handog na susunugin, na isang handog na pinaraan
sa apoy na pinakamasarap na amoy sa Panginoon.

**2** At pagka ang sinoman ay maghahandog sa Panginoon
ng alay na handog na harina, ay mainam na harina
ang kaniyang iaalay; at kaniyang bubuhusan ng langis,
at lalagyan ng kamangyan: **2** At dadalhin niya sa mga
saserdote, na mga anak ni Aaron; at siya'y kukuha ng isang
dakot na mainam na harina at ng langis, sangpu ng buong
kamangyan niyaon. At susunugin ng saserdote sa ibabaw ng
dambana na pinakaalaala, na isang handog nga na pinaraan
sa apoy na pinakamasarap na amoy sa Panginoon: **3** At ang
kalabisan sa handog na harina ay mapapasa kay Aaron at
sa kaniyang mga anak: kabanalbanalang bagay nga sa mga
handog sa Panginoon na pinaraan sa apoy. **4** At pagka ikaw
ay maghahandog ng alay na handog na harina na luto sa
hurno, ay mga munting tinapay na walang lebadura ang
iaalay mo na mainam na harina, na hinaluan ng langis, o
mga manipis na tinapay na walang lebadura, na hinaluan ng
langis. **5** At kung ang iyong alay ay handog na harina, na luto
sa kawali, ay mainam na harina ang iaalay mo na walang
lebadura, na hinaluan ng langis. **6** Iyong pagpuputolputulin,
at bubuhusan mo ng langis: isa ngang handog na harina.
**7** At kung ang iyong alay ay handog na harina na luto
sa kawaling bakal, ay yari sa mainam na harina na may
langis ang iaalay mo. **8** At dadalhin mo sa Panginoon ang
handog na harina na yari sa mga bagay na ito: at ihaharap
sa saserdote at dadalhin niya sa dambana. **9** At kukuha
ang saserdote ng handog na harina, na pinakaalaala rin
niyaon, at susunugin sa ibabaw ng dambana: handog ngang
pinaraan sa apoy, na pinakamasarap na amoy sa Panginoon.
**10** At ang kalabisan sa handog na harina ay mapapasa
kay Aaron at sa kaniyang mga anak; kabanalbanalang
bagay nga sa mga handog sa Panginoon na pinaraan sa
apoy. **11** Walang handog na harina na ihahandog kayo sa
Panginoon, na magkakalebadura: sapagka't huwag kayong
magsusunog ng anomang lebadura ni ng anomang pulot
na pinaka handog, sa Panginoon, na pinaraan sa apoy. **12**
Bilang pinakaalay na mga pangunang bunga ihahandog
ninyo sa Panginoon: nguni't hindi sasampa sa dambana
na parang masarap na amoy. **13** At titimplahan mo ng asin
ang lahat ng alay na iyong handog na harina, ni huwag
mong titiising magkulang sa iyong handog na harina ng
asin ng tipan ng iyong Dios: lahat ng alay mo'y ihahandog
mong may asin. **14** At kung maghahandog ka sa Panginoon
ng handog na harina na pangunang bunga, ay ihahandog
mong pinakahandog na harina ng iyong pangunang bunga

ay sinangag sa apoy, mga murang butil na pinipi. **15** At
bubuhusan mo ng langis yaon, at lalagyan mo sa ibabaw ng
kamangyan: yaon nga'y handog na harina. **16** At susunugin
ng saserdote na nakaalaala niyaon, ang bahagi ng butil na
pinipi at ang bahagi ng langis, pati ng buong kamangyan
niyaon: handog nga sa Panginoon na pinaraan sa apoy.

**3** At kung ang kanilang alay ay haing mga handog tungkol
sa kapayapaan; kung ang ihahandog niya ay sa bakahan
maging lalake o babae, ay ihahandog niya na walang
kapintasan sa harap ng Panginoon. **2** At kaniyang ipapatong
ang kamay niya sa ulo ng kaniyang alay, at papatayin sa
pintuan ng tabernakulo ng kapisanan: at iwiwisik ng mga
anak ni Aaron, na mga saserdote, ang dugo sa ibabaw ng
dambana, sa palibot. **3** At kaniyang ihahandog hinggil sa
haing mga handog tungkol sa kapayapaan, na pinakahandog
sa Panginoon na pinaraan sa apoy; ang tabang nakatatakip
ng lamang loob at lahat ng tabang nasa ibabaw ng lamang
loob, **4** At ang dalawang bato at ang tabang nasa ibabaw ng
mga yaon, ang nasa siping ng mga balakang, at ang lamad
na nasa ibabaw ng atay ay kaniyang aalisin na kalakip ng
mga bato. **5** At susunugin ng mga anak ni Aaron sa dambana,
sa ibabaw ng handog na susunugin na nasa ibabaw ng
kahoy na nakapatong sa apoy; handog ngang pinaraan
sa apoy, na pinakamasarap na amoy sa Panginoon. **6** At
kung ang kaniyang alay sa Panginoon na pinakahaing mga
handog tungkol sa kapayapaan ay kinuha sa kawan; maging
lalake o babae, ay ihahandog niya na walang kapintasan. **7**
Kung isang kordero ang kaniyang ihahandog na pinakaalay
niya, ay ihahandog nga niya sa harap ng Panginoon: **8** At
kaniyang ipapatong ang kamay niya sa ulo ng kaniyang
alay, at papatayin sa harap ng tabernakulo ng kapisanan: at
iwiwisik ng mga anak ni Aaron ang dugo niyaon sa ibabaw
ng dambana sa palibot. **9** At kaniyang ihahandog hinggil
sa hain na mga handog tungkol sa kapayapaan ay isang
handog sa Panginoon na pinaraan sa apoy; ang taba niyaon,
ang buong matabang buntot, ay aalisin niya sa siping ng
gulugod; at ang tabang nakatatakip ng lamang loob, at
ang lahat ng tabang nasa ibabaw ng lamang loob. **10** At
ang dalawang bato, at ang tabang nasa ibabaw niyaon, na
malapit sa mga balakang, at ang lamad na nasa ibabaw ng
atay, ay aalisin niya na kalakip ng mga bato. **11** At susunugin
ng saserdote sa ibabaw ng dambana: pagkaing handog nga
sa Panginoon na pinaraan sa apoy. **12** At kung kambing
ang kaniyang alay ay ihahandog nga niya sa harap ng
Panginoon: **13** At ipapatong niya ang kaniyang kamay sa
ulo niyaon, at papatayin yaon sa harap ng tabernakulo ng
kapisanan: at iwiwisik ng mga anak ni Aaron ang dugo sa
ibabaw ng dambana sa palibot. **14** At ang ihahandog niya
roon na kaniyang alay, na pinakahandog sa Panginoon, na
pinaraan sa apoy; ang tabang nakatatakip ng lamang loob,
lahat ng tabang nasa ibabaw ng lamang loob, **15** At ang
dalawang bato, at ang tabang nasa ibabaw, na malapit sa
mga balakang, at ang lamad na nasa ibabaw ng atay, ay
aalisin niya na kalakip ng mga bato. **16** At mga susunugin ng
saserdote sa ibabaw ng dambana; pagkaing handog nga
na pinaraan sa apoy na pinakamasarap na amoy: lahat ng
taba ay sa Panginoon. **17** Magiging palatuntunang palagi sa
buong panahon ng inyong lahi, sa lahat ng inyong tahanan
na hindi kayo kakain ng taba ni dugo man.

**4** At sinalita ng Panginoon kay Moises, na sinasabi, **2**
Salitain mo sa mga anak ni Israel, na iyong sabihin, Kung
ang sinoman ay magkakasala ng hindi sinasadya sa alin man
sa mga bagay na iniutos ng Panginoon na huwag gawin,
at gagawin ng sinoman sa kanila; **3** Kung ang pinahirang
saserdote ang magkasala ng gayon na magdala ng sala sa
bayan, ay maghahandog nga siya sa Panginoon dahil sa
kaniyang kasalanan na ipinagkasala, ng isang guyang toro,
na walang kapintasan, na pinakahandog dahil sa kasalanan.
**4** At dadalhin niya ang toro sa pintuan ng tabernakulo
ng kapisanan sa harap ng Panginoon: at ipapatong niya
ang kaniyang kamay sa ulo ng toro, at papatayin ang
toro sa harap ng Panginoon. **5** At ang pinahiran ng langis
na saserdote ay kukuha ng dugo ng toro, at dadalhin sa
tabernakulo ng kapisanan: **6** At ilulubog ng saserdote ang
kaniyang daliri sa dugo, at magwiwisik na makapito ng dugo
sa harap ng Panginoon, sa tapat ng tabing ng santuario.
**7** At ang saserdote ay maglalagay ng dugong yaon sa
ibabaw ng mga anyong sungay ng dambana ng mabangong
kamangyan sa harap ng Panginoon, na nasa tabernakulo
ng kapisanan: at lahat ng dugo ng toro ay ibubuhos sa
paanan ng dambanang pagsusunugan ng handog na nasa
pintuan ng tabernakulo ng kapisanan. **8** At aalisin ang lahat
ng taba ng toro na handog dahil sa kasalanan; ang tabang
nakakatakip sa lamang loob, at ang lahat ng tabang nasa
ibabaw ng lamang loob, **9** At ang dalawang bato at ang
tabang nasa ibabaw, na malapit sa mga balakang, at ang
lamad na nasa ibabaw ng atay, ay aalisin na kalakip ng
mga bato, **10** Na gaya ng pagaalis ng sa toro na hain
na mga handog tungkol sa kapayapaan: at susunugin ng
saserdote sa ibabaw ng dambanang pagsusunugan ng
handog. **11** At ang balat ng toro at ang buong laman pati ng
ulo at ng mga hita, at ng lamang loob, at ng dumi, **12** Sa
makatuwid baga'y ang buong toro ay ilalabas niya sa labas
ng kampamento sa isang dakong malinis, na pinagtatapunan
ng mga abo, at doon susunugin sa apoy sa ibabaw ng
kahoy: sa pinagtatapunan ng mga abo susunugin yaon.
**13** At kung ang buong kapisanan ng Israel ay magkasala,
at ang bagay ay malihim sa mga mata ng kapulungan,

at sila'y nakagawa ng anoman sa mga bagay na iniutos
ng Panginoon na huwag gawin, at naging salarin; 14
Pagka nakilala ang kasalanan ng kanilang ipinagkasala, ay
maghahandog nga ang kapisanan ng isang guyang toro
na pinakahandog dahil sa kasalanan, at dadalhin sa harap
ng tabernakulo ng kapisanan. 15 At ipapatong ng mga
matanda ng kapulungan, ang kanilang kamay sa ulo ng toro
sa harap ng Panginoon: at papatayin ang toro sa harap ng
Panginoon. 16 At ang saserdoteng pinahiran ng langis ay
magdadala ng dugo ng toro sa tabernakulo ng kapisanan:
17 At ilulubog ng saserdote ang kaniyang daliri sa dugo, at
iwiwisik na makapito sa harap ng Panginoon, sa harap ng
tabing. 18 At maglalagay siya ng dugo sa ibabaw ng mga
anyong sungay ng dambana na nasa harap ng Panginoon,
na nasa tabernakulo ng kapisanan, at ang lahat ng dugo ay
ibubuhos niya sa paanan ng dambanang pagsusunugan ng
handog na nasa pintuan ng tabernakulo ng kapisanan. 19
At aalisin niya ang lahat ng taba niyaon, at susunugin niya
sa ibabaw ng dambana. 20 Gayon ang gagawin niya sa
toro; kung paano ang ginawa niya sa torong handog dahil sa
kasalanan, ay gayon gagawin niya rito: at itutubos sa kanila
ng saserdote, at patatawarin sila. 21 At ilalabas niya ang toro
sa kampamento, at susunugin niya, na gaya ng pagkasunog
sa unang toro: handog nga dahil sa kasalanan ng kapisanan.
22 Pagka ang isang pinuno ay nagkasala, at nakagawa ng
hindi sinasadya sa alinman sa lahat ng bagay na iniutos ng
Panginoon niyang Dios na huwag gawin, at siya'y naging
salarin; 23 Kung maipakilala sa kaniya ang kasalanan niyang
ipinagkasala, ay magdadala siya ng pinakaalay niya na isang
lalaking kambing na walang kapintasan; 24 At ipapatong
niya ang kaniyang kamay sa ulo ng kambing, at papatayin
niya sa dakong pinagpapatayan ng handog na susunugin sa
harap ng Panginoon: handog nga dahil sa kasalanan. 25 At
dadampot ang saserdote sa pamamagitan ng kaniyang daliri,
ng dugo ng handog dahil sa kasalanan at ilalagay sa ibabaw
ng mga anyong sungay ng dambanang pagsusunugan ng
handog, at ang dugo'y ibubuhos sa paanan ng dambanang
pagsusunugan ng handog. 26 At ang lahat ng taba niyaon
ay susunugin niya sa dambana, na gaya ng taba ng hain
na mga handog tungkol sa kapayapaan: at itutubos sa
kaniya ng saserdote tungkol sa kaniyang kasalanan, at siya'y
patatawarin. 27 At kung ang sinomang karaniwang tao sa
bayan ay magkasala ng hindi sinasadya, sa paggawa sa
alinman sa mga bagay na iniutos ng Panginoon na huwag
gawin, at maging makasalanan; 28 Kung maipakilala sa
kaniya ang kasalanan niyang pinagkasalahan, ay magdadala
siya ng pinakaalay niya na isang babaing kambing na walang
kapintasan, na dahil sa kaniyang kasalanang pinagkasalahan
niya. 29 At ipapatong niya ang kaniyang kamay sa ulo ng
handog dahil sa kasalanan, at papatayin ang handog dahil
sa kasalanan sa lagayan ng pagsusunugan ng handog. 30
At dadampot ang saserdote sa pamamagitan ng kaniyang
daliri ng dugo at ilalagay sa ibabaw ng mga anyong sungay
ng dambanang pagsusunugan ng handog, at ang lahat ng
dugo niyaon ay ibubuhos niya sa paanan ng dambana.
31 At ang lahat ng taba niyaon ay kaniyang aalisin, na
gaya ng pagaalis ng taba sa hain na mga handog tungkol
sa kapayapaan; at susunugin ng saserdote sa dambana
na pinakamasarap na amoy sa Panginoon; at itutubos sa
kaniya ng saserdote, at siya'y patatawarin. 32 At kung
kordero ang kaniyang dalhing pinakaalay na bilang handog
dahil sa kasalanan, ay babaing walang kapintasan ang
dadalhin niya. 33 At ipapatong niya ang kaniyang kamay
sa ulo ng handog dahil sa kasalanan, at papatayin na
pinakahandog dahil sa kasalanan, sa pinagpapatayan ng
handog na susunugin. 34 At dadampot ang saserdote sa
pamamagitan ng kaniyang daliri ng dugo ng handog dahil sa
kasalanan, at ilalagay sa ibabaw ng mga anyong sungay ng
dambanang pagsusunugan ng handog, at ang lahat ng dugo
ay ibubuhos niya sa paanan ng dambana: 35 At ang lahat
ng taba ay kaniyang aalisin, gaya ng pagkaalis ng taba sa
kordero na hain na mga handog tungkol sa kapayapaan; at
susunugin ng saserdote sa dambana, sa ibabaw ng mga
handog sa Panginoon na pinaraan sa apoy: at itutubos sa
kaniya ng saserdote tungkol sa kasalanan na kaniyang
pinagkasalahan; at siya'y patatawarin.

5 At kung ang sinoman ay magkasala, sa pagkarinig niya
ng tinig ng pautos, sa paraang siya'y saksi maging
kaniyang nakita o nalaman, kung hindi niya ihayag, ay siya
nga ang magtataglay ng kasamaan niya. 2 O kung ang
sinoman ay nakahipo ng alinmang bagay na karumaldumal,
maging bangkay ng ganid na karumaldumal, o ng bangkay
na hayop na karumaldumal, o ng bangkay ng umuusad
na karumaldumal, at nalihim sa kaniya, at siya'y maging
karumaldumal, ay magiging makasalanan nga siya: 3 O kung
siya'y nakahipo ng karumaldumal ng tao, maging anomang
karumaldumal niyaon na ikinapaging karumaldumal niya,
at nalihim sa kaniya; pagka nalaman niya ay magiging
makasalanan nga siya: 4 O kung ang sinoma'y sumumpa ng
kaniyang mga labi ng walang dilidili na gumawa ng masama
o gumawa ng mabuti, maging anoman na sinasalita ng tao na
walang dilidili na kaakbay ang sumpa, at sa kaniya'y nalihim;
pagka nalaman niya yaon, ay magiging makasalanan nga
siya sa isa sa mga bagay na ito: 5 At mangyayari, na pagka
siya'y magiging makasalanan sa isa sa mga bagay na ito,
ay kaniyang isasaysay yaong kaniyang ipinagkasala: 6
At dadalhin niya sa Panginoon ang handog niya dahil sa
pagkakasala, dahil sa kasalanang pinagkasalahan niya, ay

isang babae na kinuha sa kawan, isang kordero o isang
kambing na pinakahandog dahil sa kasalanan; at itutubos sa
kaniya ng saserdote tungkol sa kaniyang kasalanan. 7 At
kung ang kaniyang kaya ay hindi sapat upang magdala ng
isang kordero, ay magdadala nga siya sa Panginoon, na
pinakahandog niya sa pagkakasala, dahil sa ipinagkasala
niya, ng dalawang batobato o ng dalawang inakay ng
kalapati: ang isa'y pinakahandog dahil sa kasalanan at ang
isa'y pinakahandog na susunugin. 8 At sila'y dadalhin niya
sa saserdote, na ang ihahandog nito na pinakahandog dahil
sa kasalanan, ay ang una at pupugutin ang ulo sa leeg,
nguni't hindi papaghihiwalaying bigla: 9 At magwiwisik siya
ng dugo ng handog dahil sa kasalanan sa ibabaw ng gilid ng
dambana; at ang labis sa dugo ay pipigain sa paanan ng
dambana: handog nga dahil sa kasalanan. 10 At ihahandog
niya ang ikalawa na pinakahandog na susunugin ayon sa
alituntunin: at itutubos sa kaniya ng saserdote tungkol sa
kaniyang kasalanan na kaniyang pinagkasalahan, at siya'y
patatawarin. 11 Datapuwa't kung ang kaniyang kaya ay hindi
sapat upang magdala ng dalawang batobato, o ng dalawang
inakay ng kalapati, ay magdadala nga siya ng ikasangpung
bahagi ng isang epa ng mainam na harina, na pinakahandog
dahil sa kasalanan niya; hindi niya lalagyan ng langis ni
bubuhusan man niya ng kamangyan; sapagka't handog
dahil sa kasalanan. 12 At dadalhin niya sa saserdote, at ang
saserdote ay kukuha ng kaniyang dakot sa pinaka alaala
niyaon, na susunugin sa dambana; na gaya ng mga handog
sa Panginoon na pinaraan sa apoy: handog nga dahil sa
kasalanan. 13 At itutubos sa kaniya ng saserdote, tungkol sa
kasalanan na kaniyang pinagkasalahan sa alinman sa mga
bagay na ito, at siya'y patatawarin: at ang labis ay mapapasa
saserdote, gaya ng handog na harina. 14 At sinalita ng
Panginoon kay Moises, na sinasabi, 15 Kung ang sinoman ay
makasuway at magkasala ng di sinasadya sa mga banal na
bagay ng Panginoon; ay magdadala nga siya sa Panginoon
ng handog dahil sa pagkakasala na isang tupang lalaking
walang kapintasan na kinuha sa kawan, ayon sa iyong
pagkahalaga sa siklong pilak, ayon sa siklo ng santuario
na pinakahandog dahil sa pagkakasala: 16 At isasauli niya
yaong kaniyang nadaya sa banal na bagay, at magdaragdag
pa ng ikalimang bahagi, at ibibigay niya sa saserdote: at
itutubos sa kaniya ng saserdote sa pamamagitan ng lalaking
tupang handog dahil sa pagkakasala; at siya'y patatawarin.
17 At kung ang sinoman ay magkasala, at gumawa ng alin
man sa mga bagay na iniutos ng Panginoon na huwag
gawin; bagama't hindi niya nalalaman, makasalanan din siya
at magtataglay siya ng kaniyang kasamaan. 18 At siya'y
magdadala sa saserdote ng isang tupang lalake na walang
kapintasan na kinuha sa kawan ayon sa iyong pagkahalaga
na pinakahandog dahil sa pagkakasala; at itutubos sa kaniya
ng saserdote, tungkol sa bagay na pinagkamalian niya ng di
sinasadya, at hindi niya nalalaman, at siya'y patatawarin.
19 Yaon nga'y handog dahil sa pagkakasala: tunay ngang
siya'y makasalanan sa harap ng Panginoon.

6 At sinalita ng Panginoon kay Moises, na sinasabi, 2 Kung
ang sinoman ay magkasala, at sumuway sa Panginoon,
na magbulaan sa kaniyang kapuwa tungkol sa isang habilin,
o sa isang sanla, o sa nakaw, o pumighati sa kaniyang
kapuwa, 3 O nakasumpong ng nawala, at ipagkaila at
sumumpa ng kasinungalingan; sa alin man sa lahat ng ito na
ginawa ng tao ng pinagkakasalahan: 4 Ay mangyayari nga,
na kung siya'y nagkasala at naging salarin, na isasauli niya
ang ninakaw, o ang nakuha sa pagpighati, o ang habiling
inihabilin sa kaniya, o ang bagay na nawala sa kaniyang
nasumpungan, 5 O anomang bagay na kaniyang sinumpaan
ng kabulaanan; na isasauli niyang buo, at daragdagan pa
niya ng ikalimang bahagi niyaon: sa may-ari ibibigay niya sa
araw na pagkasumpong sa kaniya na siya'y may kasalanan.
6 At dadalhin niya sa Panginoon ang kaniyang handog dahil
sa pagkakasala, isang tupang lalake na walang kapintasan
na kinuha sa kawan, ayon sa iyong pagkahalaga, at ibibigay
sa saserdote na pinakahandog dahil sa pagkakasala: 7 At
itutubos sa kaniya ng saserdote sa harap ng Panginoon; at
siya'y patatawarin tungkol sa alin mang kaniyang nagawa,
na kaniyang pinagkasalahan. 8 At sinalita ng Panginoon
kay Moises, na sinasabi, 9 Iutos mo kay Aaron at sa
kaniyang mga anak, na iyong sabihin, Ito ang kautusan
tungkol sa handog na susunugin: ang handog na susunugin
ay malalagay sa ibabaw ng pinagsusunugan sa ibabaw
ng dambana, buong gabi hanggang umaga; at ang apoy
sa dambana ay papananatilihing nagniningas doon. 10
At isusuot ng saserdote ang kaniyang kasuutang lino, at
ang kaniyang mga salawal na kayong lino at itatakip niya
sa kaniyang katawan; at dadamputin niya ang mga abo
ng handog na susunugin na sinunog sa apoy sa ibabaw
ng dambana, at ilalagay niya sa tabi ng dambana. 11 At
maghuhubad siya ng kaniyang mga suot, at magbibihis ng
ibang mga kasuutan, at ilalabas ang mga abo sa labas ng
kampamento sa isang dakong malinis. 12 At ang apoy sa
ibabaw ng dambana ay papananatilihing nagniningas doon,
hindi papatayin; at ang saserdote ay magsusunog ng kahoy
sa ibabaw niyaon tuwing umaga: at aayusin niya sa ibabaw
niyaon ang handog na susunugin, at susunugin sa ibabaw
niyaon ang taba ng mga handog tungkol sa kapayapaan. 13
Ang apoy ay papananatilihing nagniningas sa ibabaw ng
dambana; hindi papatayin. 14 At ito ang kautusan tungkol sa
handog na harina: ihahandog ng mga anak ni Aaron sa harap
ng Panginoon, sa harap ng dambana. 15 At kukuha siya

niyaon ng kaniyang dakot, ng mainam na harina sa handog
na harina, at ng langis niyaon, at ng lahat na kamangyan, na
nasa ibabaw ng handog na harina, at kaniyang susunugin sa
ibabaw ng dambana, na pinakamasarap na amoy, na alaala
niyaon sa Panginoon. 16 At ang labis sa handog ay kakanin
ni Aaron at ng kaniyang mga anak: walang lebadurang
kakanin sa dakong banal; sa looban ng tabernakulo ng
kapisanan kakanin nila. 17 Hindi lulutuing may lebadura.
Aking ibinigay sa kanilang pinakabahagi nila, sa mga handog
sa akin na pinaraan sa apoy; kabanalbanalang bagay nga,
na gaya ng handog dahil sa kasalanan, at gaya ng handog
dahil sa pagkakasala. 18 Bawa't lalake sa mga anak ni
Aaron ay kakain niyaon na pinakabahagi nila magpakailan
man, sa buong panahon ng inyong lahi, sa mga handog
sa Panginoon na pinaraan sa apoy; sinomang humipo ng
mga iyan ay magiging banal. 19 At sinalita ng Panginoon
kay Moises, na sinasabi, 20 Ito ang alay ni Aaron at ng
kaniyang mga anak na kanilang ihahandog sa Panginoon sa
araw na siya'y pahiran ng langis; ang ikasangpung bahagi
ng isang epa ng mainam na harina, na pinakahandog na
harina magpakailan man, ang kalahati ay sa umaga at
ang kalahati ay sa hapon. 21 Sa kawali ihahandang may
langis; pagkatigmak niyaon dadalhin mo: lutong putolputol
na ihaharap mo ang handog na harina na pinaka masarap
na amoy sa Panginoon. 22 At ang saserdoteng pinahiran
ng langis na mahahalili sa kaniya, na mula sa gitna ng
kaniyang mga anak ay maghahandog niyaon: ayon sa
palatuntunang walang hanggan ay susunuging lahat sa
Panginoon. 23 At bawa't handog na harina ng saserdote ay
susunuging lahat: hindi kakanin. 24 At sinalita ng Panginoon
kay Moises, na sinasabi, 25 Salitain mo kay Aaron at sa
kaniyang mga anak, na sabihin, Ito ang kautusan tungkol sa
handog dahil sa kasalanan: sa dakong pinagpapatayan ng
handog na susunugin ay doon papatayin ang handog dahil
sa kasalanan, sa harap ng Panginoon; kabanalbanalang
bagay nga. 26 Ang saserdoteng maghandog niyaon dahil sa
kasalanan ay kakain niyaon: sa dakong banal kakanin, sa
looban ng tabernakulo ng kapisanan. 27 Anomang humipo
ng laman niyaon ay magiging banal: at pagka pumilansik ang
dugo sa alin mang damit, ay lalabhan mo yaong napilansikan
sa dakong banal. 28 Datapuwa't ang sisidlang lupa na
pinaglutuan ay babasagin: at kung niluto sa sisidlang tanso
ay lilinisin at babanlawan ng tubig. 29 Bawa't lalake sa mga
saserdote ay kakain niyaon: bagay ngang kabanalbanalan.
30 At hindi kakanin ang anomang handog dahil sa kasalanan,
kung may dugo niyao'y ipinasok sa tabernakulo ng kapisanan
upang ipangtubos sa dakong banal: sa apoy nga susunugin.

**7** At ito ang kautusan tungkol sa handog dahil sa
pagkakasala: bagay ngang kabanalbanalan. 2 Sa dakong
pinagpapatayan ng handog na susunugin ay doon papatayin
ang handog dahil sa pagkakasala: at ang dugo niyao'y
iwiwisik niya sa ibabaw ng dambana hanggang sa palibot.
3 At siya'y maghahandog niyaon ng lahat ng taba niyaon;
ang buntot na mataba at ang tabang nakatatakip sa lamang
loob, 4 At ang dalawang bato at ang tabang nasa ibabaw
ng mga yaon, ang nasa siping ng mga balakang, at ang
lamad na nasa ibabaw ng atay, ay kaniyang aalisin na
kalakip ng mga bato: 5 At susunugin ng saserdote sa
ibabaw ng dambana na pinakahandog sa Panginoon na
pinaraan sa apoy; handog nga dahil sa pagkakasala. 6
Bawa't lalake sa mga saserdote ay kakain niyaon; sa dakong
banal kakanin yaon: bagay ngang kabanalbanalan. 7 Kung
paano ang handog dahil sa kasalanan ay gayon ang handog
dahil sa pagkakasala: ang dalawa'y may isang kautusan:
mapapasa saserdoteng tumutubos. 8 At ang saserdoteng
naghahandog ng handog na susunugin ng sinomang tao,
ay siyang magtatangkilik ng balat ng handog na susunugin
na inihandog. 9 At bawa't handog na harina na niluto sa
hurno, at yaong lahat na pinagyaman sa kawaling bakal at
sa kawaling lupa, ay mapapasa saserdote na naghahandog.
10 At bawa't handog na harina na hinaluan ng langis o tuyo,
ay mapapasa lahat ng anak ni Aaron; sa isa na gaya sa
iba. 11 At ito ang kautusan hinggil sa haing mga handog
tungkol sa kapayapaan, na ihahandog sa Panginoon: 12
Kung ihahandog niya na pinaka pasalamat, ay ihahandog
nga niyang kalakip ng haing pasalamat ang mga munting
tinapay na walang lebadura na hinaluan ng langis, at ang
mga manipis na tinapay na walang lebadura na pinahiran
ng langis, at ang mainam na harina na munting tinapay
na hinaluan ng langis. 13 Kalakip ng munting tinapay na
walang lebadura kaniyang ihahandog ang alay niya, na
kalakip ng haing mga handog tungkol sa kapayapaan na
pinaka pasalamat. 14 At maghahandog ng isa niyaon na
kaakbay ng bawa't alay na pinakahandog na itinaas sa
Panginoon; mapapasa saserdoteng magwiwisik ng dugo
ng mga handog tungkol sa kapayapaan. 15 At ang laman
ng hain na kaniyang mga handog tungkol sa kapayapaan
na pinaka pasalamat ay kakanin sa kaarawan ng kaniyang
pagaalay; siya'y hindi magtitira niyaon ng hanggang sa
umaga. 16 Nguni't kung ang hain ng kaniyang alay ay sa
pagtupad ng isang panata, o kusang handog, ay kaniyang
makakain sa araw na kaniyang ihandog ang kaniyang
hain: at sa kinaumagahan man ay kaniyang makakain
ang labis: 17 Datapuwa't ang lumabis sa laman ng hain
hanggang sa ikatlong araw ay susunugin sa apoy. 18 At
kung kanin sa ikatlong araw ang anomang bahagi ng laman
ng haing kaniyang mga handog tungkol sa kapayapaan ay
hindi tatanggapin, at hindi man maipatutungkol doon sa

naghahandog niyaon: aariing kasuklamsuklam, at ang taong
kumain niyaon ay magtataglay ng kaniyang kasamaan. 19 At
ang lamang masagi sa anomang bagay na karumaldumal ay
hindi kakanin; yao'y susunugin sa apoy. At tungkol sa lamang
hindi nahawa, lahat ng taong malinis ay makakakain niyaon.
20 Nguni't ang taong kumain ng laman ng haing mga handog
tungkol sa kapayapaan na ukol sa Panginoon, na taglay niya
ang kaniyang karumihan, ay ihihiwalay ang taong yaon sa
kaniyang bayan. 21 At pagka ang sinoman ay nakahipo ng
anomang maruming bagay, ng dumi ng tao, o ng hayop na
karumaldumal, o ng alin mang kasuklamsuklam, at kumain
ng laman ng haing mga handog tungkol sa kapayapaan na
ukol sa Panginoon, ay ihihiwalay ang taong yaon sa kaniyang
bayan. 22 At sinalita ng Panginoon kay Moises, na sinasabi,
23 Iyong salitain sa mga anak ni Israel, na sabihin, Huwag
kayong kakain ng taba ng baka, ng tupa, o ng kambing. 24 At
ang taba ng namatay sa kaniyang sarili, at ang taba ng nilapa
ng ganid, ay magagamit sa alin mang kagamitan: nguni't sa
anomang paraan ay huwag ninyong kakanin. 25 Sapagka't
sinomang kumain ng taba ng hayop na yaon na inihahandog
ng mga tao sa Panginoon, na handog na pinaraan sa apoy,
ay ihihiwalay sa kaniyang bayan ang taong kumain. 26
At huwag kayong kakain sa anomang paraan ng dugo sa
lahat ng inyong tahanan, maging sa ibon o sa hayop. 27
Sinomang taong kumain ng alin mang dugo, ay ihihiwalay sa
kaniyang bayan ang taong yaon. 28 At sinalita ng Panginoon
kay Moises, na sinasabi, 29 Iyong salitain sa mga anak ng
Israel na sabihin, Ang naghahandog sa Panginoon ng hain
niyang mga handog tungkol sa kapayapaan ay magdadala
sa Panginoon ng kaniyang alay sa hain niyang mga handog
tungkol sa kapayapaan; 30 Na dadalhin ng kaniyang sariling
mga kamay sa Panginoon ang mga handog na pinaraan
sa apoy; ang taba pati ng dibdib ay dadalhin niya, upang
ang dibdib ay alugin na pinakahandog na inalog sa harap
ng Panginoon. 31 At susunugin ng saserdote ang taba sa
ibabaw ng dambana: datapuwa't ang dibdib ay mapapasa
kay Aaron at sa kaniyang mga anak. 32 At ibibigay ninyo sa
saserdote na pinakahandog na itinaas, ang hitang kanan
sa mga haing inyong mga handog tungkol sa kapayapaan.
33 Yaong sa mga anak ni Aaron na naghahandog ng dugo
ng mga handog tungkol sa kapayapaan at ng taba, ay
mapapasa kaniya ang kanang hita, na pinaka bahagi niya.
34 Sapagka't aking kinuha sa mga anak ni Israel, sa kanilang
mga haing mga handog tungkol sa kapayapaan, ang dibdib
na inalog at ang hitang itinaas, at aking ibinigay kay Aaron na
saserdote at sa kaniyang mga anak, na karampatang bahagi
nila magpakailan man, sa ganang mga anak ni Israel. 35 Ito
ang nauukol sa pahid na langis ni Aaron at sa pahid na langis
ng kaniyang mga anak, sa mga handog na pinaraan sa apoy
sa Panginoon, sa araw na iniharap sila, upang mangasiwa
sa Panginoon sa katungkulang saserdote; 36 Na iniutos ng
Panginoon sa kanila'y ibibigay para sa mga anak ni Israel
sa araw na kaniyang pinahiran sila. Karampatang bahagi
nga nila magpakailan man, sa buong panahon ng kanilang
lahi. 37 Ito ang kautusan tungkol sa handog na susunugin,
sa handog na harina, at sa handog dahil sa kasalanan, at
sa handog dahil sa pagkakasala, at sa pagtatalaga, at sa
haing mga handog tungkol sa kapayapaan. 38 Na iniutos
ng Panginoon kay Moises sa bundok ng Sinai, nang araw
na iniutos sa mga anak ni Israel na kanilang ihandog ang
kanilang mga alay sa Panginoon sa ilang ng Sinai.

**8** At sinalita ng Panginoon kay Moises, na sinasabi, 2
Dalhin mo si Aaron at pati ng kaniyang mga anak, at ang
mga kasuutan, at ang langis na pangpahid, at ang torong
handog dahil sa kasalanan, at ang dalawang tupang lalake,
at ang bakol ng mga tinapay na walang lebadura: 3 At
pulungin mo ang buong kapisanan sa pintuan ng tabernakulo
ng kapisanan. 4 At ginawa ni Moises ayon sa iniutos sa
kaniya ng Panginoon; at nagpupulong ang kapisanan sa
pintuan ng tabernakulo ng kapisanan. 5 At sinabi ni Moises
sa kapisanan, Ito ang ipinagawa ng Panginoon. 6 At dinala ni
Moises si Aaron at ang kaniyang mga anak, at hinugasan ng
tubig. 7 At isinuot sa kaniya ang kasuutan, at binigkisan ng
pamigkis, at ibinalabal sa kaniya ang balabal, at sa kaniya'y
ipinatong ang epod, at ibinigkis sa kaniya ang pamigkis
ng epod na mainam ang pagkayari, at tinalian nito. 8 At
ipinatong sa kaniya ang pektoral: at inilagay sa loob ng
pektoral ang Urim at ang Thummim. 9 At ipinatong ang
mitra sa kaniyang ulo; at ipinatong sa mitra sa harap, ang
laminang ginto, ang banal na putong; gaya ng iniutos ng
Panginoon kay Moises. 10 At kinuha ni Moises ang langis na
pang-pahid, at pinahiran ang tabernakulo, at ang lahat ng
nandoon, ay pinapaging banal. 11 At winisikan niya niyaon
ang ibabaw ng dambana na makapito, at pinahiran ng langis
ang dambana at ang lahat ng kasangkapan niyaon, at ang
hugasan at ang tungtungan niyaon, upang ariing banal. 12
At binuhusan ng langis na pang-pahid ang ulo ni Aaron,
at pinahiran niya ng langis siya upang papagbanalin. 13
At pinalapit ni Moises ang mga anak ni Aaron, at sila'y
sinuutan ng mga kasuutan, at binigkisan ng mga pamigkis,
at itinali sa kanilang ulo ang mga tiara; gaya ng iniutos ng
Panginoon kay Moises. 14 At kaniyang inilapit ang torong
handog dahil sa kasalanan: at ipinatong ni Aaron at ng
kaniyang mga anak ang mga kamay nila sa ulo ng torong
handog dahil sa kasalanan. 15 At pinatay niya; at kumuha si
Moises ng dugo at ipinahid ng kaniyang daliri sa ibabaw
ng mga anyong sungay ng dambana sa palibot, at nilinis
ang dambana, at ang dugo'y ibinuhos sa tungtungan ng

dambana, at inaring banal upang pagtubusan. 16 At kinuha
niya ang lahat ng taba na nasa ibabaw ng mga lamang loob,
at ang lamad ng atay, at ang dalawang bato, at ang taba ng
mga yaon, at sinunog ni Moises sa ibabaw ng dambana.
17 Datapuwa't ang toro, at ang balat, at ang laman, at ang
dumi, ay sinunog niya sa apoy sa labas ng kampamento;
gaya ng iniutos ng Panginoon kay Moises. 18 At iniharap
niya ang tupang lalake na handog na susunugin: at ipinatong
ni Aaron at ng kaniyang mga anak ang mga kamay nila
sa ulo ng tupa. 19 At kaniyang pinatay yaon: at iniwisik ni
Moises ang dugo sa ibabaw ng dambana sa palibot. 20
At kinatay niya ang tupa; at sinunog ni Moises ang ulo, at
ang mga putolputol, at ang taba. 21 At kaniyang hinugasan
sa tubig ang lamang loob at ang mga paa; at sinunog ni
Moises ang buong tupa sa ibabaw ng dambana; handog
na susunugin nga na pinakamasarap na amoy: handog
nga sa Panginoon na pinaraan sa apoy; gaya ng iniutos ng
Panginoon kay Moises. 22 At iniharap niya ang ikalawang
tupa, ang tupa na itinatalaga: at ipinatong ni Aaron at ng
kaniyang mga anak ang kanilang mga kamay sa ulo ng tupa.
23 At kaniyang pinatay yaon; at kumuha si Moises ng dugo
niyaon, at inilagay sa pingol ng kanang tainga ni Aaron, at sa
daliring hinlalaki ng kaniyang kanang kamay, at sa daliring
hinlalaki ng kaniyang kanang paa. 24 At pinaharap niya
ang mga anak ni Aaron, at nilagyan ni Moises ng dugong
yaon sa pingol ng kanilang kanang tainga, at sa daliring
hinlalaki ng kanang kamay nila, at sa daliring hinlalaki ng
kanang paa nila: at iniwisik ni Moises ang dugo sa ibabaw
ng dambana sa palibot. 25 At kinuha niya ang taba, at
ang matabang buntot, at ang lahat ng tabang nasa ibabaw
ng lamang loob, at ang lamad ng atay, at ang dalawang
bato, at ang taba ng mga yaon, at ang kanang hita: 26
At sa bakol ng tinapay na walang lebadura na inilagay sa
harap ng Panginoon, ay kumuha siya ng isang munting
tinapay na walang lebadura, at ng isang munting tinapay na
nilangisan at ng isang manipis na tinapay, at ipinaglalagay
sa ibabaw ng taba at sa ibabaw ng kanang hita: 27 At
inilagay na lahat sa mga kamay ni Aaron at sa mga kamay
ng kaniyang mga anak, at pinagaalog na pinakahandog na
inalog sa harap ng Panginoon. 28 At kinuha ni Moises sa
kanilang mga kamay, at sinunog sa dambana sa ibabaw
ng handog na susunugin: mga talagang pinakamasarap na
amoy: handog nga sa Panginoon na pinaraan sa apoy. 29 At
kinuha ni Moises ang dibdib at inalog na pinakahandog na
inalog sa harap ng Panginoon: ito ang bahagi ni Moises
sa tupang itinalaga; gaya ng iniutos ng Panginoon kay
Moises. 30 At kumuha si Moises ng langis na pang-pahid,
at ng dugong nasa ibabaw ng dambana, at iniwisik kay
Aaron, sa kaniyang mga suot, at sa kaniyang mga anak, at
sa mga suot ng kaniyang mga anak na kasama niya; at
pinapaging banal si Aaron at ang kaniyang mga suot, at ang
kaniyang mga anak at ang mga suot ng kaniyang mga anak
na kasama niya. 31 At sinabi ni Moises kay Aaron at sa
kaniyang mga anak, Pakuluan ninyo ang laman sa pintuan
ng tabernakulo ng kapisanan: at doon ninyo kanin, at ang
tinapay na nasa bakol ng itinatalaga, ayon sa iniutos ko, na
sinasabi, Kakanin ni Aaron at ng kaniyang mga anak. 32 At
ang labis sa laman at sa tinapay ay susunugin ninyo sa apoy.
33 At sa pintuan ng tabernakulo ng kapisanan ay huwag
kayong lalabas na pitong araw, hanggang sa maganap
ang mga kaarawan ng inyong pagtalaga: sapagka't pitong
araw na kayo'y matatalaga. 34 Kung paano ang ginawa sa
araw na ito, ay gayon ang iniutos ng Panginoon na gawin
upang itubos sa inyo. 35 At sa pintuan ng tabernakulo ng
kapisanan ay matitira kayo gabi't araw na pitong araw, at
inyong tutuparin ang kautusan ng Panginoon, upang huwag
kayong mamatay: sapagka't gayon ang iniutos ko. 36 At
ginawa ni Aaron at ng kaniyang mga anak ang lahat na
iniutos ng Panginoon sa pamamagitan ni Moises.

**9** At nangyari sa ikawalong araw, na tinawag ni Moises
si Aaron at ang kaniyang mga anak, at ang mga matanda
sa Israel; 2 At sinabi niya kay Aaron, Magdala ka ng
isang guyang toro, na handog dahil sa kasalanan at isang
tupang lalake na handog na susunugin, na kapuwa walang
kapintasan, at ihandog mo sa harap ng Panginoon. 3
At sa mga anak ni Israel ay sasalitain mo, na sasabihin,
Kumuha kayo ng isang kambing na lalake na handog dahil sa
kasalanan; at ng isang guyang baka, at ng isang kordero, na
kapuwa na may gulang na isang taon, at walang kapintasan,
na handog na susunugin; 4 At ng isang toro at ng isang
tupang lalake na mga handog tungkol sa kapayapaan, upang
ihain sa harap ng Panginoon, at ng isang handog na harina
na hinaluan ng langis: sapagka't napakikita sa inyo ngayon
ang Panginoon. 5 At kanilang dinala sa harap ng tabernakulo
ng kapisanan ang iniutos ni Moises: at lumapit doon ang
buong kapisanan, at tumayo sa harap ng Panginoon. 6 At
sinabi ni Moises, Ito ang iniutos ng Panginoon na gawin
ninyo: at lilitaw sa inyo ang kaluwalhatian ng Panginoon. 7
At sinabi ni Moises kay Aaron, Lumapit ka sa dambana, at
ihandog mo ang iyong handog dahil sa kasalanan, at ang
iyong handog na susunugin, at itubos mo sa iyong sarili at
sa bayan: at ihandog mo ang alay ng bayan, at itubos mo
sa kanila; gaya ng iniutos ng Panginoon. 8 Lumapit nga
si Aaron sa dambana at pinatay ang guyang handog dahil
sa kasalanan, na yao'y para sa kaniya. 9 At iniharap ng
mga anak ni Aaron sa kaniya ang dugo: at itinubog niya
ang kaniyang daliri sa dugo, at ipinahid sa ibabaw ng mga
anyong sungay ng dambana at ang dugong labis ay ibinuhos

sa tungtungan ng dambana: 10 Datapuwa't ang taba at ang
mga bato, at ang lamad na nasa atay ng handog dahil sa
kasalanan, ay sinunog niya sa ibabaw ng dambana; gaya ng
iniutos ng Panginoon kay Moises. 11 At ang laman at ang
balat ay sinunog niya sa apoy sa labas ng kampamento.
12 At pinatay niya ang handog na susunugin; at ibinigay
sa kaniya ng mga anak ni Aaron ang dugo, at kaniyang
iniwisik sa ibabaw ng palibot ng dambana. 13 At kaniyang
ibinigay sa kaniya ang handog na susunugin, na isaisang
putol, at ang ulo: at sinunog niya sa ibabaw ng dambana. 14
At kaniyang hinugasan ang lamang loob at ang mga paa at
sinunog sa ibabaw ng handog na susunugin sa ibabaw ng
dambana. 15 At iniharap niya ang alay ng bayan; at kinuha
ang kambing na handog dahil sa kasalanan na para sa
bayan, at pinatay at inihandog dahil sa kasalanan, na gaya
ng una. 16 At iniharap niya ang handog na susunugin, at
inihandog ayon sa palatuntunan. 17 At iniharap niya ang
handog na harina, at kumuha ng isang dakot, at sinunog
sa ibabaw ng dambana, bukod sa handog na susunugin
sa umaga. 18 Kaniyang pinatay rin ang toro at ang tupang
lalake na haing mga handog tungkol sa kapayapaan, na
para sa bayan: at ibinigay ng mga anak ni Aaron sa kaniya
ang dugo, at kaniyang iniwisik sa ibabaw ng dambana
hanggang sa palibot. 19 At ang taba ng toro at ng tupang
lalake, ang matabang buntot at ang tabang nakatakip sa
lamang loob, at ang mga bato, at ang lamad ng atay. 20 At
kanilang inilagay ang mga taba sa ibabaw ng mga dibdib, at
kaniyang sinunog ang taba sa ibabaw ng dambana: 21 At
ang mga dibdib at ang kanang hita ay inalog ni Aaron na
pinakahandog na inalog sa harap ng Panginoon; gaya ng
iniutos ni Moises. 22 At itinaas ni Aaron ang kaniyang mga
kamay sa dakong bayan at binasbasan niya; at bumaba siya
na mula sa paghahandog ng handog dahil sa kasalanan,
at ng handog na susunugin, at ng mga handog tungkol
sa kapayapaan. 23 At pumasok si Moises at si Aaron sa
tabernakulo ng kapisanan, at sila'y lumabas, at binasbasan
ang bayan: at lumitaw ang kaluwalhatian ng Panginoon sa
buong bayan. 24 At may lumabas na apoy sa harap ng
Panginoon, at sinunog sa ibabaw ng dambana ang handog
na susunugin at ang taba: at nang makita yaon ng buong
bayan, ay nagsigawan at nangagpatirapa.

**10** At si Nadab at si Abiu, na mga anak ni Aaron, ay
kumuha ang bawa't isa sa kanila ng kanikaniyang
suuban, at sinidlan nila ng apoy, at pinatungan ng kamangyan,
at sila'y naghandog sa harap ng Panginoon ng ibang apoy
na hindi iniutos niya sa kanila. 2 At sa harap ng Panginoon
ay may lumabas na apoy, at sinupok sila; at namatay sila sa
harap ng Panginoon. 3 Nang magkagayo'y sinabi ni Moises
kay Aaron, Ito ang sinalita ng Panginoon, na sinasabi, Ako'y
babanalin ng mga lumalapit sa akin, at sa harap ng buong
bayan ay luluwalhatiin ako. At si Aaron ay hindi umimik.
4 At tinawag ni Moises si Misael at si Elzaphan, na mga
anak ni Uziel na amain ni Aaron, at sa kanila'y sinabi,
Magsilapit kayo, ilabas ninyo ang inyong mga kapatid sa
kampamento mula sa harap ng santuario. 5 Sa gayo'y
lumapit sila, at kanilang binuhat sa kanilang mga kasuutan
na inilabas sa kampamento, gaya ng sinabi ni Moises. 6 At
sinabi ni Moises kay Aaron, at kay Eleazar at kay Itamar
na kaniyang mga anak, Huwag ninyong ilugay ang buhok
ng inyong ulo, o hapakin man ninyo ang inyong bihisan;
upang huwag kayong mamatay at ng siya'y huwag magalit
laban sa buong kapisanan: kundi ang inyong mga kapatid,
ang buong sangbahayan ni Israel ay tumaghoy sa apoy na
pinapagalab ng Panginoon. 7 At huwag kayong lalabas sa
pintuan ng tabernakulo ng kapisanan, baka kayo'y mamatay:
sapagka't ang langis na pang-pahid ng Panginoon ay nasa
ulo ninyo. At kanilang ginawa ayon sa salita ni Moises. 8
At sinalita ng Panginoon kay Aaron, na sinasabi, 9 Huwag
iinom ng alak o ng matapang na inumin man, ikaw o ang
iyong mga anak man, pagka kayo'y papasok sa tabernakulo
ng kapisanan, upang kayo'y huwag mamatay: magiging
palatuntunang walang hanggan sa buong panahon ng inyong
mga lahi: 10 At upang inyong malagyan ng pagkakaiba
ang banal at ang karaniwan, at ang karumaldumal at ang
malinis: 11 At upang inyong maituro sa mga anak ni Israel
ang lahat ng palatuntunang sa kanila'y sinalita ng Panginoon
sa pamamagitan ni Moises. 12 At sinalita ni Moises kay
Aaron, at kay Eleazar at kay Ithamar, na mga natitira niyang
anak, Kunin ninyo ang handog na harina na lumabis sa
mga handog sa Panginoon na pinaraan sa apoy, at inyong
kaning walang lebadura sa tabi ng dambana; sapagka't
kabanalbanalan; 13 At inyong kakanin sa dakong banal,
sapagka't karampatang bahagi ninyo, at karampatang bahagi
ng inyong mga anak, sa mga handog sa Panginoon na
pinaraan sa apoy: sapagka't gayon iniutos sa akin. 14 At ang
dibdib na inalog at ang hita na itinaas, ay kakanin ninyo sa
dakong malinis, kakanin mo at ng iyong mga anak na lalake
at babae na kasama mo: sapagka't yamang karampatang
bahagi mo at karampatang bahagi ng iyong mga anak na
ibinigay sa inyo sa mga hain ng mga anak ni Israel. 15 Ang
hita na itinaas, at ang dibdib na inalog ay kanilang dadalhin
na kalakip ng mga handog na pinaraan sa apoy, na mga
taba upang alugin na pinakahandog na inalog sa harap
ng Panginoon: at mapapasa iyo, at sa iyong mga anak na
kasama mo, na karampatang bahagi ninyo magpakailan
man; gaya ng iniutos ng Panginoon. 16 At hinanap ni Moises
ng buong sikap ang kambing na handog dahil sa kasalanan,
at, narito, sinunog: at nagalit kay Eleazer at kay Ithamar na

mga anak ni Aaron na natira na sinasabi, 17 Bakit hindi ninyo
kinain ang handog dahil sa kasalanan sa dakong santuario,
yamang kabanalbanalang bagay at sa inyo'y ibinigay upang
dalhin ang kasamaan ng kapisanan na itubos sa kanila sa
harap ng Panginoon? 18 Narito, hindi ipinasok ang dugo
niyaon sa loob ng santuario; nararapat sana ninyong kanin
sa santuario, gaya ng iniutos ko. 19 At sinalita ni Aaron
kay Moises, Narito, kanilang inihandog ng araw na ito ang
kanilang handog dahil sa kasalanan, at ang kanilang handog
na susunugin sa harap ng Panginoon; at sa akin ay nangyari
ang mga ganyang bagay na gaya ng mga ito: at kung
ako nga'y nakakain ng handog dahil sa kasalanan ngayon,
kalulugdan ba kaya ako ng Panginoon? 20 At nang marinig
ni Moises, ay nakalugod sa kaniyang paningin.

**11** At sinalita ng Panginoon kay Moises at kay Aaron, na
sa kanila'y sinasabi, 2 Inyong salitain sa mga anak ni
Israel, na inyong sabihin, Ito ang mga bagay na may buhay
na inyong makakain sa lahat ng mga hayop na nasa lupa. 3
Alinmang may hati ang paa na baak at ngumunguya, sa mga
hayop, ay inyong makakain. 4 Gayon ma'y huwag ninyong
kakanin ang mga ito sa mga ngumunguya o doon sa mga
may hati ang paa: ang kamelyo, sapagka't ngumunguya,
nguni't walang hati ang paa, karumaldumal nga sa inyo. 5 At
ang koneho, sapagka't ngumunguya, datapuwa't walang
hati ang paa, karumaldumal nga sa inyo. 6 At ang liebre;
sapagka't ngumunguya datapuwa't walang hati ang paa,
karumaldumal nga sa inyo. 7 At ang baboy, sapagka't
may hati ang paa at baak, datapuwa't hindi ngumunguya,
karumaldumal nga sa inyo. 8 Huwag kayong kakain ng
laman ng mga iyan, at ang bangkay ng mga yaon ay huwag
ninyong hihipuin; mga karumaldumal nga sa inyo. 9 Ang
mga ito'y inyong makakain sa mga nasa tubig: alin mang
may mga palikpik at mga kaliskis sa tubig, sa mga dagat
at sa mga ilog, ay makakain ninyo. 10 At lahat ng walang
palikpik at kaliskis sa mga dagat, at sa mga ilog, at sa lahat
ng mga gumagalaw sa tubig, at sa lahat ng may buhay sa
tubig, ay pawang karumaldumal nga sa inyo. 11 At magiging
karumaldumal sa inyo; huwag kayong kakain ng laman ng
mga iyan, at ang bangkay ng mga iyan ay aariin ninyong
karumaldumal. 12 Anomang walang palikpik at kaliskis sa
tubig ay magiging karumaldumal sa inyo. 13 At sa mga ibon
ay aariin ninyong karumaldumal ang mga ito; hindi kakanin,
mga karumaldumal nga; ang agila, ang agilang dumudurog
ng mga buto, at ang agilang dagat: 14 At ang lawin, at
ang limbas, ayon sa kaniyang pagkalimbas; 15 Lahat ng
uwak ayon sa kaniyang pagkauwak; 16 At ang avestruz,
at ang chotacabras at ang gaviota, at ang gavilan ayon sa
kaniyang pagkagavilan; 17 At ang maliit na kuwago, at ang
somormuho, at ang malaking kuwago; 18 At ang kuwagong
tila may sungay at ang pelikano, at ang buitre; 19 At ang
ciguena, ang tagak ayon sa kaniyang pagkatagak; at ang
abubilla, at ang kabagkabag. 20 Lahat na may pakpak na
umuusad na lumalakad na may apat na paa ay marumi nga
sa inyo. 21 Gayon man, ang mga ito'y inyong makakain sa
lahat ng may pakpak na umuusad na may apat na paa, ang
mga may dalawang paang mahaba, bukod pa sa kanilang
mga paa, upang kanilang ipanglukso sa lupa; 22 Sa kanila'y
makakain ninyo ang mga ito: ang balang ayon sa kaniyang
pagkabalang, at ang lukton ayon sa kaniyang pagkalukton,
at ang kuliglig lupa ayon sa kaniyang pagkakuliglig, at ang
tipaklong ayon sa kaniyang pagkatipaklong. 23 Datapuwa't
lahat na may pakpak na umuusad na mayroong apat na
paa, ay kasuklamsuklam nga sa inyo. 24 At sa mga ito
ay magiging karumaldumal kayo: sinomang humipo ng
bangkay ng mga iyan ay magiging karumaldumal hanggang
sa hapon: 25 At sinomang bumuhat ng bangkay ng mga
iyan, ay maglalaba ng kaniyang mga suot, at magiging
karumaldumal hanggang sa hapon. 26 Bawa't hayop na
may hati ang paa na hindi baak, o hindi ngumunguya,
ay karumaldumal sa inyo: bawa't humipo sa mga iyan ay
magiging karumaldumal. 27 At anomang inilalakad ang
kaniyang pangamot sa lahat ng hayop na inilalakad ang apat
na paa, ay karumaldumal nga sa inyo: sinomang humipo ng
bangkay ng mga iyan ay magiging karumaldumal hanggang
sa hapon. 28 At ang bumuhat ng bangkay ng mga iyan, ay
maglalaba ng kaniyang mga suot, at magiging karumaldumal
hanggang sa hapon: mga karumaldumal nga sa inyo. 29 At
ang mga ito'y karumaldumal sa inyo, sa mga umuusad na
nagsisiusad, sa ibabaw ng lupa: ang bubwit, at ang daga,
at ang bayawak ayon sa kaniyang pagkabayawak; 30 At
ang tuko, at ang buwaya, at ang butiki, at ang bubuli at
ang hunyango. 31 Ang mga ito'y karumaldumal sa inyo sa
lahat ng umuusad: sinomang mangakahipo sa mga iyan
pagka ang mga iyan ay patay, ay magiging karumaldumal
hanggang sa hapon. 32 At yaong lahat na kabagsakan ng
mga iyan, pagka patay, ay magiging karumaldumal nga:
maging alin mang kasangkapan kahoy, o bihisan, o balat,
o supot, alin mang kasangkapang ginagamit sa anomang
gawa, sa tubig dapat ilubog, at magiging karumaldumal
hanggang sa hapon; kung magkagayo'y magiging malinis.
33 At bawa't sisidlang lupa na kahulugan ng mga iyan, lahat
ng nalalaman doon ay magiging karumaldumal, at yao'y
inyong babasagin. 34 Lahat ng pagkain na makakain na
kabuhusan ng tubig, ay magiging karumaldumal; at lahat ng
inuming maiinom na masilid sa alin man sa mga gayong
sisidlang lupa, ay magiging karumaldumal. 35 At lahat
na kahulugan ng anomang bahagi ng bangkay ng mga
yaon ay magiging karumaldumal; maging hurno o kalan

ng mga palyok, ay babasagin: mga karumaldumal nga at
magiging karumaldumal sa inyo. 36 Gayon ma'y ang isang
bukal o ang isang balon, na tipunan ng tubig, ay magiging
malinis: datapuwa't ang masagi ng bangkay ng mga yaon ay
magiging karumaldumal. 37 At kung mahulugan ng kanilang
bangkay ang alin mang binhing panhasik na ihahasik, ay
malinis. 38 Nguni't kung nabasa ang binhi at mahulugan
ng bangkay ng mga yaon, ay magiging karumaldumal sa
inyo. 39 At kung ang anomang hayop na inyong makakain
ay mamatay; ang makahipo ng bangkay niyaon ay magiging
karumaldumal hanggang sa hapon. 40 At ang kumain
ng bangkay niyaon ay maglalaba ng kaniyang suot, at
magiging karumaldumal hanggang sa hapon: gayon din ang
bumuhat ng bangkay niyaon, ay maglalaba ng kaniyang
suot, at magiging karumaldumal hanggang sa hapon. 41
At bawa't umuusad na nagsisiusad sa ibabaw ng lupa, ay
karumaldumal; hindi kakanin. 42 Lahat ng lumalakad ng
kaniyang tiyan, at lahat ng lumalakad ng apat na paa o
mayroong maraming paa, sa lahat ng bagay na umuusad sa
ibabaw ng lupa, ay huwag ninyong kakanin; sapagka't mga
karumaldumal nga. 43 Huwag kayong magpakarumal sa
anomang umuusad, o huwag kayong magpakalinis man sa
mga iyan, na anopa't huwag kayong mangahawa riyan, 44
Sapagka't ako ang Panginoon ninyong Dios: magpakabanal
nga kayo at kayo'y maging mga banal; sapagka't ako'y banal:
ni huwag kayong magpakahawa sa anomang umuusad
na gumagalaw sa ibabaw ng lupa. 45 Sapagka't ako ang
Panginoon na nagsampa sa inyo mula sa lupain ng Egipto,
upang ako'y inyong maging Dios: kayo nga'y magpakabanal,
sapagka't ako'y banal. 46 Ito ang kautusan tungkol sa hayop,
at sa ibon, at sa lahat na may buhay na gumagalaw sa tubig,
at sa lahat ng nilikha na umuusad sa ibabaw ng lupa; 47
Upang lagyan ninyo ng pagkakaiba ang karumaldumal at
ang malinis, at ang may buhay na makakain at ang may
buhay na hindi makakain.

**12** At sinalita ng Panginoon kay Moises, na sinasabi, 2
Salitain mo sa mga anak ni Israel, na iyong sabihin,
Kung ang babae ay maglihi, at manganak ng isang lalake, ay
magiging karumaldumal na pitong araw; ayon sa mga araw
ng karumihan ng kaniyang sakit, ay magiging karumaldumal.
3 At sa ikawalong araw ay tutuliin ang bata sa laman ng
kaniyang balat ng masama. 4 At siya'y mananatiling tatlong
pu't tatlong araw na maglilinis ng kaniyang dugo; huwag
siyang hihipo ng anomang bagay na banal, o papasok
man sa santuario, hanggang sa matupad ang mga araw
ng kaniyang paglilinis. 5 Nguni't kung manganak siya ng
babae, ay magiging karumaldumal nga siya na dalawang
linggo, ayon sa kaniyang karumihan: at mananatiling anim
na pu't anim na araw na maglilinis ng kaniyang dugo. 6
At pagkaganap niya ng mga araw ng kaniyang paglilinis,
maging sa anak na lalake o sa anak na babae, ay magdadala
siya ng isang kordero ng unang taon, na pinakahandog na
susunugin, at isang inakay ng kalapati o isang batobato na
pinakahandog dahil sa kasalanan, sa pintuan ng tabernakulo
ng kapisanan, sa saserdote; 7 At kaniyang ihahandog sa
harap ng Panginoon, at itutubos sa kaniya; at siya'y malilinis
sa agas ng kaniyang dugo. Ito ang kautusan tungkol sa
nanganak ng lalake o ng babae. 8 At kung ang kaniyang
kaya ay hindi sapat upang magdala ng kordero, ay kukuha
nga siya ng dalawang batobato o ng dalawang inakay ng
kalapati; ang isa'y pinakahandog na susunugin at ang isa'y
pinakahandog dahil sa kasalanan: at itutubos sa kaniya ng
saserdote, at siya'y magiging malinis.

**13** At sinalita ng Panginoon kay Moises at kay Aaron, na
sinasabi, 2 Pagka ang sinomang tao ay nagkaroon sa
balat ng kaniyang laman, ng pamamaga, o langib, o pantal
na makintab at naging salot na ketong sa balat ng kaniyang
laman, ay dadalhin nga siya kay Aaron na saserdote, o sa
isa sa kaniyang mga anak na saserdote: 3 At titingnan ng
saserdote ang tila salot na nasa balat ng kaniyang laman:
at kung ang balahibo sa tila salot ay pumuti, at makitang
ang sugat ay malalim kay sa balat ng kaniyang laman, ay
salot na ketong nga: at siya'y mamasdan ng saserdote at
ipakikilala siyang karumaldumal. 4 At kung ang pantal na
makintab ay maputi sa balat ng kaniyang laman, at makitang
hindi malalim kaysa balat, at ang balahibo niyaon ay hindi
pumuti, ay kukulungin ng saserdote ang may tila salot na
pitong araw. 5 At titingnan siya ng saserdote sa ikapitong
araw: at, narito, kung makitang ang tila salot ay tumigil,
at hindi kumalat ang tila salot sa balat, ay kukulungin uli
siya ng saserdote na pitong araw: 6 At titingnan siya uli
ng saserdote sa ikapitong araw: at, narito, kung makitang
ang tila salot ay namutla, at ang tila salot ay hindi kumalat
sa balat, ay ipakikilalang malinis siya ng saserdote: langib
yaon; at kaniyang lalabhan ang kaniyang suot, at magiging
malinis. 7 Datapuwa't kung ang langib ay kumakalat sa balat,
pagkatapos na siya'y makapakita sa saserdote upang siya'y
linisin, ay pakikita siya uli sa saserdote: 8 At titingnan siya
ng saserdote; at, narito, kung ang langib ay kumakalat sa
balat, ay ipakikilala ng saserdote na karumaldumal: ketong
nga yaon. 9 Pagka nagkaroon ng tila salot na ketong ang
sinomang tao, ay dadalhin siya sa saserdote; 10 At titingnan
siya ng saserdote; at, narito, kung makitang may pamamaga
na maputi sa balat, na pumuti ang balahibo, at may matigas
na lamang buhay sa pamamaga, 11 Ay malaong ketong nga
sa balat ng kaniyang laman, at ipakikilala ng saserdote na
siya'y karumaldumal; hindi siya kukulungin; sapagka't siya'y
karumaldumal. 12 At kung kumalat ang ketong sa balat, at

matakpan ng ketong ang buong balat ng may tila salot, mula
sa ulo hanggang sa kaniyang mga paa, sa buong maaabot
ng paningin ng saserdote; **13** At titingnan nga siya ng
saserdote; at, narito, kung makitang ang ketong ay kumalat
sa buong laman niya, ay ipakikilalang malinis ang may tila
salot: pumuting lahat: siya'y malinis. **14** Datapuwa't sa alin
mang araw na makitaan siya ng lamang buhay, ay magiging
karumaldumal siya. **15** At titingnan ng saserdote ang lamang
buhay, at ipakikilala siyang karumaldumal: ang lamang buhay
ay karumaldumal: ketong nga. **16** O kung magbago uli ang
lamang buhay at pumuti, ay lalapit nga siya sa saserdote;
**17** At titingnan siya ng saserdote: at, narito, kung pumuti
ang tila salot ay ipakikilalang malinis ng saserdote ang may
tila salot: siya'y malinis. **18** At kung magkaroon sa balat
ng laman ng isang bukol at gumaling, **19** At humalili sa
bukol ay isang pamamaga na maputi, o isang pantal na
makintab, na namumulang puti, ay ipakikita sa saserdote;
**20** At titingnan ng saserdote; at, narito, kung makitang tila
impis kaysa balat, at ang balahibo niyaon ay tila pumuti, ay
ipakikilala ng saserdote na karumaldumal: salot na ketong
yaon; lumitaw sa bukol. **21** Datapuwa't kung pagtingin ng
saserdote, ay makitang walang balahibong puti yaon, o
hindi impis man kay sa balat, kungdi namutla, ay kukulungin
ng saserdote siya na pitong araw. **22** At kung kumalat sa
balat, ay ipakikilala ng saserdote na karumaldumal: salot
nga yaon. **23** Nguni't kung ang pantal na makintab ay tumigil
sa kaniyang kinaroroonan, at hindi kumalat, ay piklat nga
ng bukol; at ipakikilala ng saserdote na malinis siya. **24**
O pagka nagkaroon sa balat ng laman, ng paso ng apoy,
at ang lamang paso ay naging tila pantal na makintab,
na namumulang puti, o maputi; **25** At titingnan nga ng
saserdote: at, narito, kung makitang ang buhok ay pumuti sa
pantal na makintab, at tila mandin malalim kaysa balat; ay
ketong nga na lumitaw sa paso: at ipakikilala ng saserdote
na karumaldumal; salot na ketong nga yaon. **26** Nguni't kung
pagtingin ng saserdote, at, narito, kung makita ngang sa
pantal na makintab ay walang balahibong maputi, at hindi
impis kaysa balat, kungdi namutla; ay kukulungin nga siya ng
saserdote na pitong araw. **27** At titingnan siya ng saserdote
sa ikapitong araw: kung kumalat sa balat, ay ipakikilala ng
saserdote na karumaldumal: salot na ketong nga yaon. **28**
At kung ang pantal na makintab ay tumigil sa kaniyang
kinaroroonan at hindi kumalat sa balat, kungdi pumutla,
ay pamamaga ng paso yaon, at ipakikilala ng saserdote
na malinis: sapagka't piklat ng paso yaon. **29** At kung ang
sinomang lalake o babae ay mayroong tila salot sa ulo o sa
baba, **30** Ay titingnan nga ng saserdote ang tila salot: at,
narito, kung makitang tila malalim kaysa balat, at yao'y may
buhok na naninilaw na manipis, ay ipakikilala ng saserdote
na karumaldumal: tina nga, ketong nga yaon sa ulo o sa
baba. **31** At kung makita ng saserdote ang tila salot na tina,
at, narito, tila hindi malalim kaysa balat, at walang buhok na
maitim yaon, ay kukulungin ng saserdote na pitong araw ang
may tila salot na tina; **32** At sa ikapitong araw ay titingnan
ng saserdote ang tila salot; at, narito, kung makita ngang
hindi kumalat ang tina, at walang buhok na naninilaw, at
tila ang tina ay hindi malalim kaysa balat, **33** Ay aahitan
nga, datapuwa't hindi aahitan ang kinaroroonan ng tina; at
ipakukulong ng saserdote ang may tina ng muling pitong
araw: **34** At titingnan ng saserdote ang tina sa ikapitong
araw: at, narito, kung makitang hindi kumalat ang tina sa
balat, at tila hindi malalim kaysa balat; ay ipakikilala nga ng
saserdote na malinis at siya'y maglalaba ng kaniyang suot at
magiging malinis. **35** Nguni't kung ang tina ay kumalat sa
balat, pagkatapos ng kaniyang paglilinis; **36** Ay titingnan nga
ng saserdote: at, narito, kung makitang kumalat sa balat
ang tina ay hindi hahanapin ng saserdote ang buhok na
maninilaw; siya'y karumaldumal. **37** Datapuwa't kung sa
kaniyang paningin ay tumigil ang tina at may tumubong
buhok na itim; ay gumaling ang tina, siya'y malinis: at
ipakikilalang malinis siya ng saserdote. **38** At pagka ang
isang lalake o babae ay nagkaroon sa balat ng kaniyang
laman ng nangingintab na pantal, ng makikintab na pantal
na puti; **39** Ay titingnan nga ng saserdote: at, narito, kung
makitang ang nangingintab na pantal sa balat ng kaniyang
laman ay namumutimuti; yao'y buni na sumibol sa balat;
siya'y malinis. **40** At kung ang sinoman ay malugunan ng
buhok, ay kalbo gayon ma'y malinis. **41** At kung sa dakong
harapan ng ulo nalugunan ng buhok, ay kalbo yaon sa noo
gayon ma'y malinis. **42** Datapuwa't kung sa kakalbuhan, sa
ulo o sa noo ay magkaroon ng tila salot ng namumulang
maputi; ay ketong na sumibol sa kaniyang kakalbuhan ng
ulo o sa kaniyang kakalbuhan ng noo. **43** Kung magkagayo'y
titingnan siya ng saserdote: at, narito, kung ang pamamaga
ng tila salot ay namumulamula ng maputi sa kaniyang
kakalbuhan ng ulo o sa kaniyang kakalbuhan ng noo,
gaya ng anyo ng ketong sa balat ng kaniyang laman; **44**
Ay ketongin siya, siya'y karumaldumal ipakikilala siya ng
saserdote na tunay na karumaldumal; nasa kaniyang ulo ang
salot niya. **45** At pupunitin ng may ketong na kinaroroonan
ng salot, ang kaniyang mga suot at ang buhok ng kaniyang
ulo ay ilulugay, at siya'y magtatakip ng kaniyang nguso,
at maghihihiyaw. Karumaldumal, karumaldumal. **46** Sa
buong panahong siya'y karoonan ng salot, ay magiging
karumaldumal; siya'y karumaldumal: siya'y tatahang bukod;
sa labas ng kampamento malalagay ang kaniyang tahanan.
**47** Ang suot na kinaroroonan ng ketong, maging kasuutang
balahibo ng tupa o kasuutang lino; **48** Maging nasa paayon

o maging nasa pahalang; ng lino o ng balahibo ng tupa;
maging sa balat o sa alin mang yaring balat; 49 Kung ang tila
salot ay namemerde o namumula sa kasuutan, o sa balat,
maging sa paayon, o maging sa pahalang, o sa alin mang
kasangkapang balat; ay salot na ketong nga at ipakikita sa
saserdote, 50 At titingnan ng saserdote ang tila salot, at
ipatatago ng pitong araw ang bagay na may tila salot: 51 At
titingnan ang bagay na may tila salot, sa ikapitong araw:
kung kumalat ang tila salot sa kasuutan, maging sa paayon,
o sa pahalang, o sa balat, o alin mang ginagawa sa balat,
ay ketong na ngumangatngat ang gayon tila salot; yao'y
karumaldumal. 52 At kaniyang susunugin ang kasuutan,
maging paayon, at maging pahalang ng balahibo ng tupa o
lino o sa alin mang kasangkapang balat na kinaroroonan
ng salot; sapagka't yao'y ketong na ngumangatngat, yao'y
susunugin sa apoy. 53 At kung pagtingin ng saserdote,
at, narito, kung makita ngang hindi kumalat ang salot sa
kasuutan, maging sa paayon man, o sa pahalang man, o sa
alin mang kasangkapang balat; 54 Ay palalabhan nga ng
saserdote yaong kinaroroonan ng salot, at ipatatago pa ng
pitong araw: 55 At titingnan ng saserdote ang bagay na may
salot, pagkatapos na malabhan: at, narito, kung makitang
ang salot ay hindi nagbago ang kulay, at hindi kumalat ang
salot, yao'y karumaldumal; susunugin mo sa apoy: isang
ngatngat nga, maging ang nanisnis ay nasa karayagan o
nasa kabaligtaran. 56 At kung pagtingin ng saserdote, at,
narito, kung makita ngang namutla ang dakong may salot
pagkatapos na malabhan, ay hahapakin sa kasuutan, o sa
balat, o sa paayon, o sa pahalang: 57 At kung muling lumitaw
sa kasuutang yaon, maging sa paayon, o sa pahalang, o sa
alin mang yari sa balat, ay muling sumisibol: susunugin mo
sa apoy yaong kinaroroonan ng salot. 58 At ang kasuutan,
maging sa paayon, o sa pahalang, o sa alin mang yari sa
balat, na iyong labhan, at maalis ang salot, ay lalabhan
ngang ikalawa, at magiging malinis. 59 Ito ang kautusan
tungkol sa salot na ketong sa kasuutang balahibo ng tupa
o lino, maging sa paayon, o sa pahalang, o sa alin mang
yari sa balat, upang ipakilalang malinis, o upang ipakilalang
karumaldumal.

**14** At sinalita ng Panginoon kay Moises, na sinasabi, 2
Ito ang magiging kautusan tungkol sa may ketong,
sa kaarawan ng kaniyang paglilinis, siya'y dadalhin sa
saserdote: 3 At ang saserdote ay lalabas sa kampamento; at
titingnan ng saserdote, at, narito, kung ang salot na ketong
ay gumaling sa may ketong; 4 Ay ipagutos nga ng saserdote
na ikuha siya na lilinisin, ng dalawang ibong malinis na
buhay, at kahoy na cedro, at grana, at hisopo; 5 At ipaguutos
ng saserdote, na patayin ang isa sa mga ibon, sa isang
sisidlang lupa sa ibabaw ng tubig na umaagos. 6 Tungkol sa
ibong buhay, ay kaniyang kukunin at ang kahoy na cedro, at
ang grana at ang hisopo, at babasain pati ng ibong buhay,
sa dugo ng ibong pinatay sa ibabaw ng tubig na umaagos: 7
At iwiwisik niya na makapito doon sa kaniya na lilinisin sa
ketong, at ipakikilalang malinis, at pawawalan ang ibong
buhay sa kalawakan ng parang. 8 At siya na lilinisin ay
maglalaba ng kaniyang mga suot, at magaahit ng lahat
niyang buhok, at maliligo sa tubig; at magiging malinis:
at pagkatapos ay papasok sa kampamento, datapuwa't
tatahan sa labas ng kaniyang tolda na pitong araw. 9
At mangyayaring sa ikapitong araw, ay muling magaahit
ng lahat niyang buhok, sa kaniyang ulo, at sa kaniyang
baba, at sa kaniyang kilay, na anopa't aahitin niya ang
lahat niyang buhok; at kaniyang lalabhan ang kaniyang
mga suot, at kaniyang paliliguan ang kaniyang laman sa
tubig, at magiging malinis. 10 At sa ikawalong araw ay
kukuha siya ng dalawang korderong lalake na walang
kapintasan, at ng isang korderong babae ng unang taon
na walang kapintasan, at ng isang handog na harina na
tatlong ikasangpung bahagi ng isang epa ng mainam na
harina na hinaluan ng langis, at ng isang log na langis. 11
At ihaharap ang taong lilinisin ng saserdoteng naglilinis sa
kaniya, at gayon din ang mga bagay na yaon, sa harap
ng Panginoon, sa pintuan ng tabernakulo ng kapisanan:
12 At kukuha ang saserdote ng isa sa mga korderong
lalake at ihahandog na pinakahandog sa pagkakasala, at
ng log ng langis, at aalugin na pinakahandog na inalog sa
harap ng Panginoon: 13 At papatayin ang korderong lalake
sa pinagpapatayan ng handog dahil sa kasalanan at ng
handog na susunugin, sa dako ng santuario: sapagka't kung
paanong ang handog dahil sa kasalanan ay sa saserdote,
gayon din ang handog dahil sa pagkakasala; bagay ngang
kabanalbanalan: 14 At ang saserdote ay kukuha sa dugo
ng handog dahil sa pagkakasala, at ilalagay ng saserdote
sa pingol ng kanang tainga niyaong lilinisin, at sa daliring
hinlalaki ng kaniyang kanang kamay, at sa daliring hinlalaki
ng kaniyang kanang paa; 15 At kukuha ang saserdote sa
log ng langis, at ibubuhos sa ibabaw ng palad ng kaniyang
kaliwang kamay: 16 At itutubog ng saserdote ang kanang
daliri niya sa langis na nasa kaniyang kaliwang kamay, at
magwiwisik siyang makapito ng langis ng kaniyang daliri sa
harap ng Panginoon: 17 At sa lumabis sa langis na nasa
kaniyang kamay, ay maglalagay ang saserdote sa ibabaw
ng pingol ng kanang tainga niyaong lilinisin, at sa daliring
hinlalaki ng kaniyang kanang kamay at sa daliring hinlalaki
ng kaniyang kanang paa, sa ibabaw ng dugo ng dahil sa
pagkakasala: 18 At ang labis sa langis na nasa kamay ng
saserdote, ay ilalagay nito sa ulo niyaong lilinisin: at itutubos
sa kaniya ng saserdote sa harap ng Panginoon. 19 At

ihahandog ng saserdote ang handog dahil sa kasalanan, at
itutubos sa kaniya, na lilinisin dahil sa kaniyang karumihan;
at pagkatapos ay papatayin ang handog na susunugin: **20**
At ihahandog ng saserdote ang handog na susunugin at
ang handog na harina sa ibabaw ng dambana: at itutubos
sa kaniya ng saserdote, at siya'y magiging malinis. **21** At
kung siya'y dukha at ang kaniyang kaya ay hindi aabot, ay
kukuha nga siya ng isang korderong lalake na handog dahil
sa pagkakasala, na aalugin upang itubos sa kaniya, at ng
ikasampung bahagi ng isang epa na mainam na harina, na
hinaluan ng langis na pinakahandog na harina, at ng isang
log ng langis; **22** At ng dalawang batobato o ng dalawang
inakay ng kalapati, kung alin ang aabutin ng kaniyang kaya;
at ang isa'y magiging handog dahil sa kasalanan, at ang
isa'y handog na susunugin. **23** At sa ikawalong araw ay
kaniyang dadalhin sa saserdote sa pintuan ng tabernakulo
ng kapisanan upang gamitin sa kaniyang paglilinis sa harap
ng Panginoon. **24** At kukunin ng saserdote ang korderong
handog dahil sa pagkakasala at ang log ng langis, at aalugin
ng saserdote na pinakahandog na inalog sa harap ng
Panginoon. **25** At kaniyang papatayin ang korderong handog
dahil sa pagkakasala, at kukuha ang saserdote ng dugo
ng handog dahil sa pagkakasala, at ilalagay sa pingol ng
kanang tainga niyaong lilinisin, at sa daliring hinlalaki ng
kaniyang kanang kamay, at sa daliring hinlalaki ng kaniyang
kanang paa: **26** At magbubuhos ang saserdote ng langis
sa ibabaw ng palad ng kaniyang kaliwang kamay: **27** At
makapitong magwiwisik ang saserdote ng kaniyang kanang
daliri, ng langis na nasa kaniyang kaliwang kamay, sa harap
ng Panginoon: **28** At maglalagay ang saserdote ng langis na
nasa kaniyang kamay, sa pingol ng kanang tainga niyaong
lilinisin, at sa daliring hinlalaki ng kaniyang kanang kamay, at
sa daliring hinlalaki ng kaniyang kanang paa, sa ibabaw
ng pinaglagyan ng dugong handog dahil sa pagkakasala:
**29** At ang labis ng langis na nasa kamay ng saserdote ay
ilalagay niya sa ulo niyaong lilinisin, upang itubos sa kaniya
sa harap ng Panginoon. **30** At kaniyang ihahandog ang isa
sa mga batobato o sa mga inakay ng kalapati, kung alin
ang kaniyang kaya; **31** Kung alin ang abutin ng kaniyang
kaya, na ang isa'y handog dahil sa kasalanan, at ang isa'y
handog na susunugin, pati ng handog na harina: at itutubos
ng saserdote doon sa malilinis sa harap ng Panginoon.
**32** Ito ang kautusan tungkol sa may salot na ketong, na
ang kaniyang kaya ay hindi abot sa nauukol sa kaniyang
paglilinis. **33** At sinalita ng Panginoon kay Moises at kay
Aaron, na sinasabi, **34** Pagka kayo'y nakapasok na sa
lupain ng Canaan, na ibibigay kong pag-aari sa inyo, at
ako'y naglagay ng salot na ketong sa alin mang bahay
sa lupain ninyong inaari; **35** Ay yayaon ang may-ari ng
bahay at magbibigay alam sa saserdote, na sasabihin, Tila
mandin mayroong parang salot sa bahay: **36** At ipaguutos
ng saserdote na alisan ng laman ang bahay bago pumasok
ang saserdote na kilalanin ang tila salot, upang ang lahat na
nasa bahay ay huwag mahawa: at pagkatapos ay papasok
ang saserdote upang tingnan ang bahay: **37** At titingnan
ang salot, at kung makita ngang ang tila salot ay nasa mga
panig ng bahay na may ukit na namemerde, o namumula at
tila malalim kaysa panig; **38** Ay lalabas nga ang saserdote
sa bahay hanggang sa pintuan ng bahay at ipasasara ang
bahay na pitong araw: **39** At babalik ang saserdote sa
ikapitong araw, at titingnan: at, narito, kung makita ngang
kumalat ang salot sa mga panig ng bahay; **40** Ay ipaguutos
nga ng saserdote na bunutin ang mga batong kinaroonan
ng tila salot at ipatatapon sa labas ng bayan sa dakong
karumaldumal: **41** At ipakakayas ang palibot ng loob ng
bahay, at ang argamasang inalis na kinayas ay itatapon sa
labas ng bayan sa dakong karumaldumal: **42** At magsisikuha
ng ibang mga bato, at ihahalili sa mga batong yaon, at
magsisikuha ng ibang argamasa at siyang ihahaplos sa
mga panig ng bahay. **43** At kung muling bumalik ang tila
salot, at sumibol sa bahay, pagkatapos na mabunot ang mga
bato; at pagkatapos makayas ang bahay, at pagkatapos
na mahaplusan ng argamasa; **44** Ay papasok nga ang
saserdote at titingnan, at, narito, kung makita ngang ang
salot ay kumalat sa bahay ay ketong na nakakahawa sa
bahay; ito'y karumaldumal. **45** At gigibain niya ang bahay
na yaon, ang mga bato at ang mga kahoy, at ang lahat
ng argamasa ng bahay; ay dadalhin sa labas ng bayan sa
dakong karumaldumal. **46** Bukod dito'y ang pumasok sa
bahay na yaon ng buong panahong nasasara ay magiging
karumaldumal hanggang sa hapon. **47** At ang mahiga sa
bahay na yaon ay maglalaba ng kaniyang mga suot; at
ang kumain sa bahay na yaon ay maglalaba ng kaniyang
mga suot. **48** At kung papasok ang saserdote, at, narito,
kung hindi nga kumalat ang salot sa bahay, pagkatapos na
nahaplusan ng argamasa; ay ipakikilala nga ng saserdote
na malinis ang bahay, sapagka't gumaling sa salot. **49** At
upang linisin ang bahay ay kukuha ng dalawang ibon, at ng
kahoy na cedro, at ng grana, at ng hisopo: **50** At papatayin
ang isa sa mga ibon sa isang sisidlang lupa sa ibabaw
ng tubig na umaagos: **51** At kukunin niya ang kahoy na
cedro, at ang hisopo, at ang grana, at ang ibong buhay, at
babasain sa dugo ng ibong pinatay, at sa tubig na umaagos,
at wiwisikang makapito ang bahay: **52** At kaniyang lilinisin ng
dugo ng ibon ang bahay at ng agos ng tubig, at ng ibong
buhay at ng kahoy na cedro, at ng hisopo, at ng grana: **53**
Datapuwa't pawawalan ang ibong buhay sa labas ng bayan,
sa kalawakan ng parang: gayon tutubusin ang bahay: at

magiging malinis. **54** Ito ang kautusan tungkol sa sarisaring
salot na ketong at sa tina, **55** At sa ketong ng suot, at ng
bahay. **56** At sa pamamaga at sa langib, at sa pantal na
makintab: **57** Upang ituro kung kailan karumaldumal, at kung
kailan malinis: ito ang kautusan tungkol sa ketong.

**15** At sinalita ng Panginoon kay Moises at kay Aaron
na sinasabi, **2** Salitain ninyo sa mga anak ni Israel,
at inyong sabihin sa kanila, Pagka ang sinomang tao ay
inagasan sa kaniyang laman, ay magiging karumaldumal
siya dahil sa kaniyang agas. **3** At ito ang magiging kaniyang
karumalan sa kaniyang agas: maging ang kaniyang laman
ay balungan dahil sa kaniyang agas, o ang kaniyang laman
ay masarhan dahil sa kaniyang agas, ay kaniyang karumalan
nga. **4** Bawa't higaang mahigan ng inaagasan ay magiging
karumaldumal: at bawa't bagay na kaniyang kaupuan, ay
magiging karumaldumal. **5** At sinomang tao na makahipo ng
kaniyang higaan ay maglalaba ng kaniyang mga damit, at
maliligo siya sa tubig, at magiging karumaldumal hanggang
sa hapon. **6** At ang maupo sa anomang bagay na kaupuan
ng inaagasan ay maglalaba ng kaniyang mga damit, at
maliligo siya sa tubig, at magiging karumaldumal hanggang
sa hapon. **7** At ang humipo ng laman niyaong inaagasan ay
maglalaba ng kaniyang mga damit at maliligo siya sa tubig,
at magiging karumaldumal hanggang sa hapon. **8** At kung
ang inaagasan ay makalura sa taong malinis, ay maglalaba
nga siya ng kaniyang mga damit, at maliligo siya sa tubig, at
magiging karumaldumal hanggang sa hapon. **9** At alin mang
siya na kasakyan ng inaagasan, ay magiging karumaldumal.
**10** At ang alin mang taong humipo ng alinmang bagay na
napalagay sa ilalim niyaon, ay magiging karumaldumal
hanggang sa hapon: at ang magdala ng mga bagay na yaon
ay maglalaba ng kaniyang mga damit at maliligo siya sa
tubig, at magiging karumaldumal hanggang sa hapon. **11** At
yaong lahat na mahipo ng inaagasan na hindi nakapaghugas
ng kaniyang mga kamay sa tubig, ay maglalaba nga rin ng
kaniyang mga damit, at maliligo siya sa tubig, at magiging
karumaldumal hanggang sa hapon. **12** At ang sisidlang lupa
na mahipo ng inaagasan, ay babasagin: at ang lahat ng
kasangkapang kahoy ay babanlawan sa tubig. **13** At kung
ang inaagasan ay gumaling sa kaniyang agas, ay bibilang
siya ng pitong araw sa kaniyang paglilinis, at maglalaba ng
kaniyang mga damit; at paliliguan din niya ang kaniyang
laman sa tubig na umaagos, at magiging malinis. **14** At sa
ikawalong araw ay magdadala siya ng dalawang batobato, o
ng dalawang inakay ng kalapati, at ihaharap niya sa harap
ng Panginoon sa pasukan ng tabernakulo ng kapisanan, at
ibibigay niya sa saserdote. **15** At ihahandog ng saserdote,
na ang isa'y handog dahil sa kasalanan, at ang isa'y handog
na susunugin; at itutubos sa kaniya ng saserdote sa harap
ng Panginoon, dahil sa kaniyang agas. **16** At kung ang
sinomang tao ay labasan ng binhi ng pakikiapid, ay paliliguan
nga niya ng tubig ang buong kaniyang laman, at magiging
karumaldumal hanggang sa hapon. **17** At lahat ng damit
at lahat ng balat na kinaroonan ng binhi ng pakikiapid, ay
lalabhan sa tubig, at magiging karumaldumal hanggang
hapon. **18** Ang babae rin namang sinipingan ng lalaking
mayroong binhi ng pakikiapid, ay maliligo sila kapuwa sa
tubig, at magiging karumaldumal sila hanggang sa hapon. **19**
At kung ang babae ay agasan na ang umaagas sa kaniyang
laman ay dugo, ay mapapasa kaniyang karumihan siyang
pitong araw: at lahat ng humipo sa kaniya ay magiging
karumaldumal hanggang sa hapon. **20** At bawa't kaniyang
kahigaan sa panahon ng kaniyang karumihan, ay magiging
karumaldumal: bawa't din namang kaupuan niya ay magiging
karumaldumal. **21** At sinomang humipo ng kaniyang higaan
ay maglalaba ng kaniyang mga damit, at maliligo sa tubig,
at magiging karumaldumal hanggang sa hapon. **22** At ang
sinomang humipo ng alin mang bagay na kaniyang kaupuan
ay maglalaba ng kaniyang mga damit, at maliligo siya
sa tubig, at magiging karumaldumal hanggang sa hapon.
**23** At kung may nasa higaan o nasa anomang bagay na
kinaupuan niya, ay magiging karumaldumal hanggang sa
hapon ang humipo niyaon. **24** At kung ang sinomang lalake
ay sumiping sa kaniya, at mapasa lalake ang karumihan
niya, ay magiging karumaldumal ito na pitong araw; at bawa't
higaang kaniyang hihigaan ay magiging karumaldumal. **25**
At kung ang isang babae ay agasan ng kaniyang dugo ng
maraming araw sa di kapanahunan ng kaniyang karumihan,
o kung agasan sa dako pa roon ng panahon ng kaniyang
karumihan; buong panahon ng agas ng kaniyang karumalan
ay magiging para ng mga araw ng kaniyang karumihan:
siya'y karumaldumal nga. **26** Bawa't higaan na kaniyang
hinihigan buong panahon ng kaniyang agas, ay magiging sa
kaniya'y gaya ng higaan ng kaniyang karumihan; at bawa't
bagay na kaniyang kaupuan, ay magiging karumaldumal, na
gaya ng karumalan ng kaniyang karumihan. **27** At sinomang
humipo ng mga bagay na yaon ay magiging karumaldumal,
at maglalaba ng kaniyang mga damit, at maliligo siya sa
tubig, at magiging karumaldumal hanggang sa hapon. **28**
Datapuwa't kung siya'y gumaling sa kaniyang agas, ay
bibilang siya ng pitong araw, at pagkatapos niyaon ay
magiging malinis siya. **29** At sa ikawalong araw ay kukuha
siya ng dalawang batobato o ng dalawang inakay ng kalapati,
at dadalhin niya sa saserdote sa pintuan ng tabernakulo ng
kapisanan. **30** At ihahandog ng saserdote ang isa na handog
dahil sa kasalanan, at ang isa'y handog na susunugin; at
itutubos sa kaniya ng saserdote sa harap ng Panginoon,
dahil sa agas ng kaniyang karumihan. **31** Ganito ihihiwalay

ninyo ang mga anak ni Israel sa kanilang karumalan; upang
huwag mangamatay sa kanilang karumalan, kung kanilang
ihawa ang aking tabernakulo na nasa gitna nila. **32** Ito ang
kautusan tungkol sa inaagasan, at sa nilalabasan ng binhi
ng pakikiapid, na ikinarurumal; **33** At sa babaing may sakit
ng kaniyang karumihan, at sa inaagasan, sa lalake at sa
babae, at doon sa sumisiping sa babaing karumaldumal.

**16** At sinalita ng Panginoon kay Moises, pagkamatay ng
dalawang anak ni Aaron, noong nagsilapit sa harap
ng Panginoon, at namatay; **2** At sinabi ng Panginoon kay
Moises, Salitain mo kay Aaron na iyong kapatid na huwag
pumasok tuwina sa dakong banal, sa loob ng tabing, sa
harap ng luklukan ng awa na nasa ibabaw ng kaban; upang
siya'y huwag mamatay: sapagka't ako'y pakikitang nasa ulap
sa ibabaw ng luklukan ng awa. **3** Ganito papasok nga si
Aaron sa loob ng dakong banal, may dalang isang guyang
toro na handog dahil sa kasalanan, at isang tupang lalake
na handog na susunugin. **4** Siya'y magsusuot ng kasuutang
banal, na lino at ng salawal na lino sa kaniyang laman, at
magbibigkis siya ng pamigkis na lino, at ang mitra na lino ay
kaniyang isusuot: ito ang mga bihisang banal; at paliliguan
niya ang kaniyang laman sa tubig at pawang isusuot niya.
**5** At siya'y kukuha sa kapisanan ng mga anak ni Israel,
ng dalawang kambing na lalake na pinakahandog dahil sa
kasalanan, at ng isang tupang lalake na pinakahandog na
susunugin. **6** At ihaharap ni Aaron ang toro na handog dahil
sa kasalanan na patungkol sa kaniyang sarili, at itutubos
niya sa kaniya at sa kaniyang sangbahayan. **7** At kukunin
niya ang dalawang kambing at ilalagay niya sa harap ng
Panginoon sa pintuan ng tabernakulo ng kapisanan. **8** At
pagsasapalaran ni Aaron ang dalawang kambing; ang isang
kapalaran ay sa Panginoon at ang isang kapalaran ay kay
Azazel. **9** At ihaharap ni Aaron ang kambing na kinahulugan
ng kapalaran sa Panginoon, at ihahandog na pinakahandog
dahil sa kasalanan. **10** Nguni't ang kambing na kinahulugan
ng kapalaran kay Azazel ay ilalagay na buhay sa harap ng
Panginoon, upang itubos sa kaniya, at payaunin kay Azazel
sa ilang. **11** At ihaharap ni Aaron ang toro na handog dahil
sa kasalanan, na patungkol sa kaniyang sarili, at itutubos sa
kaniyang sarili at sa kaniyang sangbahayan, at papatayin
ang toro na handog dahil sa kasalanan na patungkol sa
kaniyang sarili: **12** At kukuha siya mula sa dambana na nasa
harap ng Panginoon ng isang suuban na puno ng mga baga;
at kukuha ng dalawang dakot ng masarap na kamangyan
na totoong dikdik, at kaniyang dadalhin sa loob ng tabing:
**13** At ilalagay niya ang kamangyan sa ibabaw ng apoy sa
harap ng Panginoon, upang ang mga usok ng kamangyan
ay tumakip sa luklukan ng awa na nasa ibabaw ng kaban ng
patoo, upang huwag siyang mamatay: **14** At siya'y kukuha
ng dugo ng toro at iwiwisik ng kaniyang daliri sa ibabaw
ng luklukan ng awa, sa dakong silanganan: at sa harap ng
luklukan ng awa ay iwiwisik niyang makapito ng kaniyang
daliri ang dugo. **15** Kung magkagayo'y papatayin niya ang
kambing na handog dahil sa kasalanan, na patungkol sa
bayan, at dadalhin ang dugo niyaon sa loob ng tabing, at
ang gagawin sa dugo niyaon ay gaya ng ginawa sa dugo
ng toro, at iwiwisik sa ibabaw ng luklukan ng awa at sa
harap ng luklukan ng awa: **16** At itutubos niya sa dakong
banal dahil sa mga karumalan ng mga anak ni Israel, at
dahil sa kanilang mga pagsalangsang, sa makatuwid baga'y
sa lahat nilang kasalanan: at gayon ang kaniyang gagawin
sa tabernakulo ng kapisanan na nasa kanila, sa gitna ng
kanilang mga karumalan, **17** At huwag magkakaroon ng
sinomang tao sa tabernakulo pagka siya'y papasok upang
itubos sa loob ng dakong banal, hanggang sa lumabas
siya, at matubos ang sarili, at ang kaniyang kasangbahay,
at ang buong kapisanan ng Israel. **18** At lalabas siya sa
dambana na nasa harap ng Panginoon, at itutubos sa ito;
at kukuha ng dugo ng toro, at ng dugo ng kambing, at
ilalagay sa ibabaw ng mga anyong sungay ng dambana
sa palibot. **19** At makapitong magwiwisik siya ng dugo sa
dambana ng kaniyang daliri, at lilinisin at babanalin dahil sa
mga karumalan ng mga anak ni Israel. **20** At pagkatapos
matubos niya ang dakong banal, at ang tabernakulo ng
kapisanan, at ang dambana, ay ihahandog ang kambing na
buhay: **21** At ipapatong ni Aaron ang kaniyang dalawang
kamay sa ulo ng kambing na buhay, at isasaysay sa ibabaw
niyaon ang lahat ng mga kasamaan ng mga anak ni Israel,
at lahat ng kanilang mga pagsalangsang, lahat nga ng
kanilang mga kasalanan; at ilalagay niya sa ulo ng kambing,
at ipadadala sa ilang sa pamamagitan ng kamay ng isang
taong handa: **22** At dadalhin ng kambing ang lahat ng mga
kasamaan nila, sa lupaing hindi tinatahanan: at pawawalan
niya ang kambing sa ilang. **23** At papasok si Aaron sa
tabernakulo ng kapisanan, at maghuhubad ng mga suot
na lino, na isinuot niya nang siya'y pumasok sa dakong
banal, at iiwan niya roon: **24** At paliliguan niya ang kaniyang
laman sa tubig, sa isang dakong banal, at magsusuot ng
kaniyang mga suot, at lalabas, at ihahandog ang kaniyang
handog na susunugin at ang handog na susunugin ng
bayan, at itutubos sa kaniyang sarili at sa bayan. **25** At
susunugin sa ibabaw ng dambana ang taba ng handog dahil
sa kasalanan. **26** At yaong nagpakawala ng kambing na ukol
kay Azazel, ay maglalaba ng kaniyang mga suot at maliligo
ang kaniyang laman sa tubig, at pagkatapos ay papasok
siya sa kampamento. **27** At ang toro na handog dahil sa
kasalanan at ang kambing na handog dahil sa kasalanan, na
ang dugo ay dinala sa loob ng dakong banal upang itubos,

ay ilalabas, sa kampamento; at susunugin nila sa apoy ang
mga balat ng mga yaon, at ang laman at ang dumi. **28**
At ang magsusunog ay maglalaba ng kaniyang mga suot,
at maliligo ang kaniyang laman sa tubig, at pagkatapos,
ay papasok siya sa kampamento. **29** At ito'y magiging
palatuntunan magpakailan man sa inyo: sa ikapitong buwan
nang ikasangpung araw ng buwan, ay pagdadalamhatiin
ninyo ang inyong mga kaluluwa, at anomang gawain ay
huwag gagawa ang tubo sa lupain, ni ang taga ibang bayan
na nakikipamayan sa inyo: **30** Sapagka't sa araw na ito
gagawin ang pagtubos sa inyo upang linisin kayo; sa lahat
ng inyong mga kasalanan ay magiging malinis kayo sa harap
ng Panginoon. **31** Sabbath nga na takdang kapahingahan
sa inyo, at papagdadalamhatiin ninyo ang inyong mga
kaluluwa; ito'y palatuntunang magpakailan man. **32** At ang
saserdote na papahiran at itatalaga upang maging saserdote
na kahalili ng kaniyang ama, ay siyang tutubos at magsusuot
ng mga kasuutang lino, na mga banal ngang kasuutan: **33** At
tutubusin niya ang banal na santuario, at tutubusin niya ang
tabernakulo ng kapisanan, at ang dambana; at tutubusin
niya ang mga saserdote at ang buong bayan ng kapisanan.
**34** At ito'y magiging palatuntunang walang hanggan sa inyo;
na tubusin ang mga anak ni Israel, dahil sa lahat nilang mga
kasalanan, ng minsan sa isang taon. At ginawa niya ayon sa
iniutos ng Panginoon kay Moises.

**17** At sinalita ng Panginoon kay Moises, na sinasabi, **2**
Iyong salitain kay Aaron, at sa kaniyang mga anak,
at sa lahat ng mga anak ni Israel, at sabihin mo sa kanila,
Ito ang iniutos ng Panginoon, na sinasabi, **3** Sinomang
tao sa sangbahayan ni Israel, na pumatay ng baka, o
kordero, o kambing sa loob ng kampamento, o pumatay
sa labas ng kampamento, **4** At hindi dinala sa pintuan ng
tabernakulo ng kapisanan, upang ihandog na pinaka alay
sa Panginoon, sa harap ng tabernakulo ng Panginoon:
ay dugo ang ipararatang sa taong yaon; siya'y nagbubo
ng dugo; at ang taong yaon: ay ihihiwalay sa kaniyang
bayan: **5** Upang ang mga anak ni Israel ay magdala ng
kanilang mga hain, na inihahain sa kalawakan ng parang,
sa makatuwid baga'y upang kanilang dalhin sa Panginoon,
sa pintuan ng tabernakulo ng kapisanan, sa saserdote,
at ihain sa Panginoon na mga pinakahandog tungkol sa
kapayapaan. **6** At iwiwisik ng saserdote ang dugo sa ibabaw
ng dambana ng Panginoon, sa pintuan ng tabernakulo ng
kapisanan, at susunugin ang taba na pinakamasarap na
amoy sa Panginoon. **7** At huwag na nilang ihahain ang
kanilang mga hain sa mga kambing na lalake na kanilang
pinanaligan. Magiging palatuntunan nga magpakailan man
sa kanila sa buong panahon ng kanilang lahi. **8** At sasabihin
mo sa kanila, Sinomang tao sa sangbahayan ni Israel, o
sa mga taga ibang bayan na nakikipamayan sa kanila, na
naghandog ng handog na susunugin o hain, **9** At hindi dinala
sa pintuan ng tabernakulo ng kapisanan, upang ihain sa
Panginoon: ay ihihiwalay nga ang taong yaon sa kaniyang
bayan. **10** At sinomang tao sa sangbahayan ni Israel o
sa mga taga ibang bayan na nakikipamayan sa kanila, na
kumain ng anomang dugo, ay aking itititig ang aking mukha
laban sa taong yaon na kumain ng dugo, at ihihiwalay ko sa
kaniyang bayan. **11** Sapagka't ang buhay ng laman ay nasa
dugo; at aking ibinigay sa inyo sa ibabaw ng dambana upang
itubos sa inyong mga kaluluwa: sapagka't ang dugo'y siyang
tumutubos dahil sa buhay. **12** Kaya't aking sinabi sa mga
anak ni Israel, Sinoman sa inyo ay huwag kakain ng dugo, ni
ang taga ibang bayan na nakikipamayan sa inyo ay huwag
kakain ng dugo. **13** At sinomang tao sa mga anak ni Israel, o
sa mga taga ibang bayan na nakikipamayan sa kanila na
manghuli ng hayop o ng ibon na makakain; ay ibubuhos
niya ang dugo niyaon at tatabunan ng lupa. **14** Sapagka't
tungkol sa buhay ng lahat ng laman, ang dugo nga niyan ay
gaya rin ng buhay niyan. Kaya't sinabi ko sa mga anak ni
Israel, Huwag kayong kakain ng dugo ng anomang laman:
sapagka't ang buhay ng buong laman ay ang kaniyang
dugo: sinomang kumain niyan ay ihihiwalay. **15** At yaong
lahat na kumain ng namamatay sa sarili o nilapa ng mga
ganid, maging sa mga tubo sa lupain o sa mga taga ibang
bayan, ay maglalaba ng kaniyang mga damit, at maliligo sa
tubig, at magiging karumaldumal hanggang sa hapon: kung
magkagayon ay magiging malinis. **16** Datapuwa't kung di
niya labhan, ni paliguan ang kaniyang laman, ay tataglayin
nga niya ang kaniyang kasamaan.

**18** At sinalita ng Panginoon kay Moises, na sinasabi,
**2** Salitain mo sa mga anak ni Israel, at sabihin mo
sa kanila, Ako ang Panginoon ninyong Dios. **3** Huwag
kayong gagawa ng gaya ng ginawa sa lupain ng Egipto na
inyong tinahanan: at huwag din kayong gagawa ng gaya ng
ginagawa sa lupain ng Canaan, na pinagdadalhan ko sa
inyo: ni huwag kayong lalakad ng ayon sa mga palatuntunan
nila. **4** Tutuparin ninyo ang aking mga kahatulan, at iingatan
ninyo ang aking mga palatuntunan, na inyong lalakaran: ako
ang Panginoon ninyong Dios. **5** Tutuparin nga ninyo ang
aking mga palatuntunan at ang aking mga kahatulan: na
ikabubuhay ng mga taong magsisitupad: ako ang Panginoon.
**6** Huwag lalapit ang sinoman sa inyo sa kanino man sa
kaniyang kamaganak na malapit, upang ilitaw ang kaniyang
kahubaran: ako ang Panginoon. **7** Ang kahubaran ng
iyong ama, o ang kahubaran ng iyong ina ay huwag mong
ililitaw: siya'y iyong ina; huwag mong ililitaw ang kahubaran
niya. **8** Ang kahubaran ng asawa ng iyong ama ay huwag
mong ililitaw: yaon nga'y kahubaran ng iyong ama. **9** Ang

kahubaran ng iyong kapatid na babae, na anak ng iyong
ama o anak ng iyong ina, maging ipinanganak sa sarili o sa
ibang bayan, ay huwag mong ililitaw ang kahubaran nila. 10
Ang kahubaran ng anak na babae ng iyong anak na lalake,
o ng anak na babae ng iyong anak na babae, ay huwag
mong ililitaw ang kahubaran nila: sapagka't ang kahubaran
nila ay kahubaran mo rin. 11 Ang kahubaran ng anak ng
babae ng asawa ng iyong ama, na naging anak sa iyong
ama, siya'y kapatid mo, huwag mong ililitaw ang kahubaran
niya. 12 Ang kahubaran ng kapatid na babae ng iyong ama
ay huwag mong ililitaw: siya'y kamaganak na malapit ng
iyong ama. 13 Ang kahubaran ng kapatid na babae ng iyong
ina ay huwag mong ililitaw: sapagka't siya'y kamaganak na
malapit ng iyong ina. 14 Ang kahubaran ng kapatid na lalake
ng iyong ama ay huwag mong ililitaw, sa asawa niya ay
huwag kang sisiping: siya'y iyong ali. 15 Ang kahubaran ng
iyong manugang na babae ay huwag mong ililitaw: siya'y
asawa ng iyong anak; ang kahubaran niya ay huwag mong
ililitaw. 16 Ang kahubaran ng asawa ng iyong kapatid na
lalake ay huwag mong ililitaw: kahubaran nga ng iyong
kapatid na lalake. 17 Ang kahubaran ng isang babae at ng
kaniyang anak na babae ay huwag mong ililitaw; huwag
mong pakikisamahan ang anak na babae ng kaniyang anak
na lalake o ang anak na babae ng kaniyang anak na babae,
upang ilitaw ang kaniyang kahubaran; sila'y kamaganak na
malapit: kasamaan nga. 18 At huwag kang makikisama sa
isang babaing kalakip ng kaniyang kapatid, na magiging
kaagaw niya, na iyong ililitaw ang kahubaran nito, bukod
sa kahubaran niyaon, sa buong buhay niya. 19 At huwag
kang sisiping sa isang babae na ililitaw ang kahubaran
niya habang siya'y marumi sa kaniyang karumalan. 20
At huwag kang sisiping sa asawa ng iyong kapuwa, na
magpapakadumi sa kaniya. 21 At huwag kang magbibigay ng
iyong binhi, na iyong palilipatin kay Moloch sa pamamagitan
ng apoy; ni huwag mong lalapastanganin ang pangalan ng
iyong Dios: ako ang Panginoon. 22 Huwag kang sisiping sa
lalake ng gaya sa babae: karumaldumal nga. 23 At huwag
kang sisiping sa anomang hayop na magpapakadumi riyan:
ni ang babae ay huwag lalagay sa harap ng hayop upang
pasiping: kahalayhalay nga. 24 Huwag kayong magpakarumi
sa alin man sa mga bagay na ito; sapagka't lahat ng ito ay
nangadumhan ang mga bansang aking palayasin sa harap
ninyo: 25 At nadumhan ang lupain: kaya't aking dinadalaw
ang kasamaang iyan diyan, at ang lupain din ang nagluluwa
sa mga tumatahan diyan. 26 Inyo ngang iingatan ang aking
mga palatuntunan, at ang aking mga kahatulan, at huwag
kayong gagawa ng anoman sa mga karumaldumal na ito;
maging ang mga tubo sa lupain o ang mga taga ibang bayan
man na nakikipamayan sa inyo: 27 (Sapagka't ang lahat ng
karumaldumal na ito, ay ginawa ng mga tao sa lupaing iyan,
na mga una kaysa inyo; at ang lupain ay nadumhan); 28
Upang huwag naman kayong iluwa ng lupain, sa pagkahawa
ninyo, na gaya ng pagluluwa sa bansang nagsitahan ng una
kaysa inyo. 29 Sapagka't yaong lahat na gumawa ng alin
man sa mga kahalayang ito, sa makatuwid baga'y ang mga
taong magsigawa ng gayon ay ihihiwalay sa kanilang bayan.
30 Kaya ingatan ninyo ang aking bilin, na huwag kayong
gumawa ng alin man sa mga karumaldumal na kaugaliang
ito na kanilang ginawa ng una bago kayo, at huwag kayong
magpakarumal sa mga iyan: ako ang Panginoon ninyong
Dios.

**19** At sinalita ng Panginoon kay Moises, na sinasabi, 2
Salitain mo sa buong kapisanan ng mga anak ni Israel,
at sabihin mo sa kanila, Kayo'y magpakabanal; sapagka't
akong Panginoon ninyong Dios ay banal. 3 Matatakot
ang bawa't isa sa inyo, sa kaniyang ina at sa kaniyang
ama, at ipangingilin ninyo ang aking mga sabbath: ako ang
Panginoon ninyong Dios. 4 Huwag ninyong babalikan ang
mga diosdiosan, ni huwag kayong gagawa para sa inyo ng
mga dios na binubo: ako ang Panginoon ninyong Dios. 5 At
pagka kayo'y maghahandog sa Panginoon ng hain na mga
handog tungkol sa kapayapaan, ay inyong ihahandog upang
kayo'y tanggapin. 6 Sa araw ding ihandog ay kakanin, at
sa kinabukasan: at kung may labis hanggang sa ikatlong
araw ay susunugin sa apoy. 7 At kung kanin sa anomang
paraan sa ikatlong araw, ay karumaldumal nga; ito'y hindi
tatanggapin: 8 Kundi yaong kumain ay siyang magtataglay
ng kaniyang kasamaan; sapagka't nilapastangan niya ang
banal na bagay ng Panginoon: at ihihiwalay ang gayong tao
sa kaniyang bayan. 9 At pagka gagapas kayo ng mga uhay
sa inyong lupain, ay huwag ninyong pakakagapasin ang mga
sulok ng inyong bukid, ni huwag ninyong pamulutan ang
inyong lupang ginapasan. 10 At huwag ninyong sisimutin ang
inyong ubasan, ni huwag ninyong pupulutin ang bungang
nahulog sa inyong ubasan; sa dukha at sa taga ibang
bayan, pababayaan ninyo: ako ang Panginoon ninyong
Dios. 11 Huwag kayong magnanakaw; ni magdadaya,
ni magsisinungaling ang sinoman sa iba. 12 At huwag
kayong susumpa ng di totoo sa aking pangalan, na anopa't
lapastanganin ninyo ang pangalan ng inyong Dios; ako ang
Panginoon. 13 Huwag kayong pipighati sa inyong kapuwa,
o magnanakaw man sa kaniya: ang bayad ng isang mag-
aaraw ay huwag matitira sa inyo ng buong gabi hanggang sa
umaga. 14 Huwag ninyong lalaitin ang bingi, ni maglalagay
ng katitisuran sa harap ng bulag, kundi katatakutan ninyo
ang inyong Dios: ako ang Panginoon. 15 Huwag kayong
gagawa ng kalikuan sa paghatol: huwag kayong magtatangi
ng pagkatao ng dukha, ni huwag ninyong pararangalan ang

pagkatao ng makapangyarihan: kundi hahatulan ninyo ng
katuwiran ang inyong kapuwa. 16 Huwag kayong maghahatid
dumapit sa inyong bayan, ni titindig laban sa dugo ng
inyong kapuwa: ako ang Panginoon. 17 Huwag ninyong
kapopootan ang inyong kapatid sa inyong puso; tunay na
inyong sasawayin ang inyong kapuwa, at huwag kayong
magtaglay ng kasalanan dahil sa kaniya. 18 Huwag kayong
manghihiganti o magtatanim laban sa mga anak ng inyong
bayan, kungdi iibigin ninyo ang inyong kapuwa na gaya ng
sa inyong sarili: ako ang Panginoon. 19 Iingatan ninyo ang
aking mga palatuntunan. Huwag ninyong pagaasawahin
ang dalawang hayop ninyong magkaiba; huwag kayong
maghahasik sa inyong bukid ng dalawang magkaibang
binhi; ni damit na hinabi na may magkahalong dalawang
magkaibang kayo ay huwag kayong magsusuot. 20 At
kung ang sinomang lalake ay sumiping sa isang babaing
aliping may asawa, na hindi pa natutubos, o hindi pa man
nabibigyan ng kalayaan; ay kapuwa parurusahan; hindi
sila papatayin, sapagka't siya'y hindi laya. 21 At kaniyang
dadalhin sa Panginoon ang kaniyang handog dahil sa
pagkakasala, sa pintuan ng tabernakulo ng kapisanan, sa
makatuwid baga'y isang tupang lalake na pinakahandog
dahil sa pagkakasala: 22 At itutubos sa kaniya ng saserdote
sa pamamagitan ng tupang handog dahil sa pagkakasala sa
harap ng Panginoon, dahil sa kaniyang kasalanan niyang
pinagkasalahan: at ipatatawad sa kaniya ang kasalanan
niyang kaniyang pinagkasalahan. 23 At pagka kayo'y papasok
sa lupain, at nakapagtanim na kayo ng sarisaring punong
kahoy na pagkain, ay aariin ninyo ang bunga niyaon na
parang hindi sa tuli: tatlong taong aariin ninyong parang
hindi sa tuli; hindi kakanin. 24 Datapuwa't sa ikaapat na
taon, ang lahat ng bunga niyaon ay magiging banal na
pinaka papuri sa Panginoon. 25 At sa ikalimang taon ay
kakain kayo ng bunga niyaon upang papagbungahin sa
inyo: ako ang Panginoon ninyong Dios. 26 Huwag kayong
kakain ng anomang may dugo: ni huwag kayong mag-
eenkanto ni magpapamahiin. 27 Huwag ninyong gugupitin ng
pabilog ang mga buhok sa palibot ng inyong ulo, ni huwag
mong sisirain ang mga dulo ng iyong balbas. 28 Huwag
ninyong kukudlitan ang inyong laman dahil sa namatay: ni
huwag ninyong lilimbagan ang inyong laman ng anomang
tanda; ako ang Panginoon. 29 Huwag mong hahamakin ang
iyong anak na babae, na siya'y iyong pagmamasamaing
babae: baka ang lupain ay malugmok sa pakikiapid, at
mapuno ang lupain ng kasamaan. 30 Ipangingilin ninyo
ang aking mga sabbath, at igagalang ninyo ang aking
santuario: ako ang Panginoon. 31 Huwag ninyong babalikan
ang mga inaalihan ng masasamang espiritu ni ang mga
mangkukulam: huwag ninyong hanapin na magpakahawa
sa kanila: ako ang Panginoon ninyong Dios. 32 Titindig
kayo sa harap ng may uban at igagalang ninyo ang mukha
ng matanda, at katatakutan ninyo ang inyong Dios: ako
ang Panginoon. 33 At kung ang isang taga ibang bayan ay
nakikipamayan na kasama ninyo sa inyong lupain, ay huwag
ninyong gagawan ng masama. 34 Ang taga ibang bayan na
nakikipamayan na kasama ninyo, ay inyong aariing tubo sa
lupain, at iibigin ninyo na gaya ng sa inyong sarili; sapagka't
naging taga ibang bayan kayo sa lupain ng Egipto: ako
ang Panginoon ninyong Dios. 35 Huwag kayong gagawa
ng kalikuan sa paghatol, sa pagsukat, sa pagtimbang,
o sa pagtakal. 36 Timbangang matuwid, panimbang na
matuwid, epa na matuwid at hin na matuwid ang aariin ninyo:
ako ang Panginoon ninyong Dios na naglabas sa inyo sa
lupain ng Egipto. 37 At inyong iingatan ang lahat ng aking
palatuntunan, at ang lahat ng aking kahatulan, at inyong
isasagawa: ako ang Panginoon.

**20** At sinalita ng Panginoon kay Moises, na sinasabi, 2
Bukod dito'y sasabihin mo rin sa mga anak ni Israel,
Sinomang tao sa mga anak ni Israel, o sa mga taga ibang
bayan na nakikipamayan sa Israel, na magbigay ng kaniyang
binhi kay Moloch; ay papataying walang pagsala; siya'y
babatuhin ng mga bato ng mga tao ng lupain. 3 Akin
ding itititig ang aking mukha laban sa taong yaon, at akin
siyang ihihiwalay sa kaniyang bayan: sapagka't binigyan
niya ng kaniyang binhi si Moloch, upang ihawa ang aking
santuario, at lapastanganin ang aking banal na pangalan. 4
At kung ilingid ng bayan sa lupain sa paraang anoman ang
kanilang mga mata sa taong yaon, pagka nagbibigay ng
kaniyang binhi kay Moloch, at hindi papatayin: 5 Ay itititig
ko nga ang aking mukha laban sa taong yaon, at laban
sa kaniyang sangbahayan, at ihihiwalay ko sa kanilang
bayan, siya at lahat ng manalig na sumunod sa kaniya, na
nanalig kay Moloch. 6 At ang taong magbalik sa inaalihan
ng masamang espiritu at sa mga mangkukulam, upang
manalig sa mga yaon ay itititig ko ang aking mukha laban
sa taong yaon, at ihihiwalay ko siya sa kaniyang bayan. 7
Magpakabanal nga kayo at kayo'y maging banal; sapagka't
ako ang Panginoon ninyong Dios. 8 At iingatan ninyo ang
aking mga palatuntunan, at inyong isasagawa: ako ang
Panginoon na nagpapabanal sa inyo. 9 Sapagka't bawa't isa
na lumalait sa kaniyang ama o sa kaniyang ina ay papatayin
na walang pagsala: kaniyang nilait ang kaniyang ama o ang
kaniyang ina: mabububo ang kaniyang dugo sa kaniya. 10
Ang lalake na mangalunya sa asawa ng iba, sa makatuwid
baga'y yaong mangalunya sa asawa ng kaniyang kapuwa,
ay papatayin na walang pagsala ang nangangalunya at
ang napakalunya. 11 At ang lalaking sumiping sa asawa
ng kaniyang ama, ay kahubaran ng kaniyang ama ang

kaniyang inilitaw: kapuwa sila papatayin na walang pagsala;
mabububo ang dugo nila sa kanila. 12 At kung ang isang
lalake ay sumiping sa kaniyang manugang, ay kapuwa sila
papatayin; sila'y gumawa ng kahalayhalay; mabububo ang
kanilang dugo sa kanila. 13 At kung ang isang lalake ay
sumiping sa kapuwa lalake, na gaya ng pagsiping sa babae:
ay kapuwa sila nagkasala ng karumaldumal: sila'y papatayin
na walang pagsala: mabububo ang kanilang dugo sa kanila.
14 At kung ang isang lalake ay magasawa sa isang babae at
sa kaniyang ina, ay kasamaan; susunugin sa apoy kapuwa
siya at sila; upang huwag magkaroon ng kasamaan sa
inyo. 15 At kung ang isang lalake ay makiapid sa hayop,
ay papatayin na walang pagsala: at papatayin din ninyo
ang hayop. 16 At kung ang isang babae ay lumapit sa alin
mang hayop at pasiping ay papatayin mo ang babae at ang
hayop: sila'y papatayin na walang pagsala; mababubo ang
kanilang dugo sa kanila. 17 At kung kunin ng isang lalake
ang kaniyang kapatid na babae, na anak ng kaniyang ama
o anak ng kaniyang ina, at kaniyang makita ang kaniyang
kahubaran, at makita ng babae ang kahubaran niya: ay
bagay na kahalayhalay nga; at sila'y ihihiwalay sa paningin
ng mga anak ng kanilang bayan: ang kahubaran ng kaniyang
kapatid na babae ay inilitaw niya; kaniyang tataglayin ang
kasamaan niya. 18 At kung ang isang lalake ay sumiping
sa isang babaing may karumalan, at ilitaw ang kahubaran
niya; ay kaniyang hinubdan ang agas niya, at siya naman
ay lumitaw ng agas ng kaniyang dugo: at sila'y kapuwa
ihihiwalay sa kanilang bayan. 19 At huwag mong ililitaw
ang kahubaran ng kapatid na babae ng iyong ina, ni ng
kapatid na babae ng iyong ama: sapagka't hinubdan niya
ang kaniyang kamaganak na malapit: kapuwa magtataglay
ng kanilang kasamaan. 20 At kung ang isang lalake ay
sumiping sa asawa ng kaniyang amain ay kaniyang inilitaw
ang kahubaran ng kaniyang amain: tataglayin nila ang
kanilang kasalanan; mamamatay silang walang anak. 21 At
kung ang isang lalake ay makisama sa asawa ng kaniyang
kapatid na lalake, ay kahalayan: kaniyang inilitaw ang
kahubaran ng kaniyang kapatid na lalake; mabubuhay silang
walang anak. 22 Ingatan nga ninyo ang lahat ng aking mga
palatuntunan at ang lahat ng aking mga kahatulan, at inyong
isasagawa: upang huwag kayong iluwa ng lupain na aking
pinagdadalhan sa inyo na inyong tatahanan. 23 At huwag
kayong lalakad ng ayon sa mga kaugalian ng mga bansang
aking palalayasin sa harap ninyo: sapagka't ang lahat ng
kasamaang ito ay ginawa nila, at kaya ko kinapopootan. 24
Datapuwa't sa inyo'y aking sinabi, Mamanahin ninyo ang
lupain nila, at ibibigay ko sa inyo upang inyong manahin,
na isang lupaing binubukalan ng gatas at pulot: ako ang
Panginoon ninyong Dios na ibinukod ko kayo sa mga bayan.
25 Inyo ngang lalagyan ng pagkakaiba ang hayop na malinis
at ang karumaldumal, at ang ibong karumaldumal at ang
malinis: at huwag ninyong gagawing karumaldumal ang
inyong pagkatao, sa hayop o sa ibon, o sa anomang bagay
na umuusad sa lupa, na inihiwalay ko sa inyo palibhasa'y
mga karumaldumal. 26 At kayo'y magpapakabanal sa akin:
sapagka't akong, Panginoon, ay banal, at kayo'y ibinukod ko
sa mga bayan, upang kayo'y maging akin. 27 Ang isang
lalake rin naman o kaya'y ang isang babae na inaalihan
ng masamang espiritu, o mangkukulam, ay papatayin na
walang pagsala, sila'y babatuhin ng mga bato: mabububo
ang kanilang dugo sa kanila.

21 At sinabi ng Panginoon kay Moises, Salitain mo sa
mga saserdote na mga anak ni Aaron, at sabihin mo sa
kanila, Sinoman ay huwag magpakahawa ng dahil sa patay,
sa gitna ng kaniyang bayan, 2 Maliban sa kamaganak na
malapit, sa kaniyang ina at sa kaniyang ama at sa kaniyang
anak na lalake at babae, at sa kaniyang kapatid na lalake, 3
At sa kaniyang kapatid na dalaga, na malapit sa kaniya, na
walang asawa, ay maaring magpakahawa siya. 4 Yamang
puno sa kaniyang bayan, ay huwag siyang magpapakahawa
na magpapakarumi. 5 Huwag nilang kakalbuhin ang kanilang
ulo, o gugupitin man ang dulo ng kanilang balbas, o kukudlitan
man ang kanilang laman. 6 Sila'y magpakabanal sa kanilang
Dios, at huwag nilang lalapastanganin ang pangalan ng
kanilang Dios: sapagka't sila ang naghahandog ng mga
handog sa Panginoon na pinaraan sa apoy, na tinapay
ng kanilang Dios, kaya't sila'y magpapakabanal. 7 Huwag
silang makikisama sa patutot o lapastangan, ni makikisama
sa babaing inihiwalay ng kaniyang asawa: sapagka't ang
saserdote ay banal sa kaniyang Dios. 8 Papagbabanalin
mo nga siya; sapagka't siya ang naghahandog ng tinapay
ng inyong Dios: siya'y magiging banal sa inyo; sapagka't
akong Panginoon nagpapaging banal sa inyo ay banal.
9 At kung ang anak na babae ng isang saserdote ay
magpakarumi sa pagpapatutot, ay kaniyang binigyan ng
kahihiyan ang kaniyang ama: siya'y susunugin sa apoy. 10
At ang pangulong saserdote sa kanilang magkakapatid, na
binuhusan ang ulo ng langis na pang-pahid, at itinalaga,
upang makapagbihis ng mga banal na bihisan ay huwag
maglulugay ng buhok ng kaniyang ulo ni huwag hahapakin
ang kaniyang mga suot; 11 Ni papasok sa kinaroroonan ng
bangkay nino man, ni magpapakahawa dahil sa kaniyang
ama, o dahil sa kaniyang ina; 12 Ni lalabas sa santuario, ni
lalapastanganin ang santuario ng kaniyang Dios; sapagka't
ang talaga na langis na pang-pahid ng kaniyang Dios ay
nasa ulo niya: ako ang Panginoon. 13 At siya'y magaasawa
sa isang dalagang malinis. 14 Sa bao o inihiwalay, sa lamas
o patutot ay huwag siyang magaasawa; kundi sa isang

dalagang malinis sa kaniyang sariling bayan magaasawa
siya. 15 At huwag niyang dudumhan ang kaniyang mga binhi
sa gitna ng kaniyang bayan: sapagka't ako ang Panginoon
na nagpapaging banal sa kaniya. 16 At sinalita ng Panginoon
kay Moises, na sinasabi, 17 Iyong salitain kay Aaron, na
iyong sasabihin, Sinoman sa iyong mga binhi, sa buong
panahon ng kaniyang lahi, na magkaroon ng anomang
kapintasan, ay huwag lumapit na maghandog ng tinapay
ng kaniyang Dios. 18 Sapagka't sinomang magkaroon ng
kapintasan ay huwag lalapit; maging ang taong bulag, o
pilay, o magkaroon ng ilong na ungod, o ang mayroong
kuntil, 19 O ang taong magkaroon ng paang bali o kamay na
bali, 20 O taong kuba, o unano, o magkaroon ng kapintasan
sa kaniyang mata, o galisin, o langibin, o luslusin: 21 Walang
tao sa binhi ni Aaron na saserdote, na magkaroon ng
kapintasan, na lalapit upang magharap ng mga handog sa
Panginoon na pinaraan sa apoy: siya'y may kapintasan;
siya'y huwag lalapit na magharap ng tinapay ng kaniyang
Dios. 22 Kaniyang kakanin ang tinapay ng kaniyang Dios,
ang pinakabanal at ang mga bagay na banal: 23 Hindi
lamang siya papasok sa loob ng tabing, o lalapit man sa
dambana, sapagka't may kapintasan siya; upang huwag
niyang lapastanganin ang aking mga santuario: sapagka't
ako ang Panginoon na nagpapaging banal sa kanila. 24
Gayon sinalita ni Moises kay Aaron at sa kaniyang mga
anak, at sa lahat ng mga anak ni Israel.

**22** At sinalita ng Panginoon kay Moises, na sinasabi,
2 Salitain mo kay Aaron at sa kaniyang mga anak
na sila'y magsihiwalay sa mga banal na bagay ng mga
anak ni Israel, na ikinagiging banal nila sa akin, at huwag
nilang lapastanganin ang aking banal na pangalan: ako ang
Panginoon. 3 Sabihin mo sa kanila, Sinomang lalake sa
lahat ng inyong binhi sa buong panahon ng inyong lahi, na
lumapit sa mga banal na bagay na ikinagiging banal ng
mga anak ni Israel sa Panginoon, na taglay ang kaniyang
karumihan, ay ihihiwalay ang taong iyon sa harap ko: ako
ang Panginoon. 4 Sinomang lalake sa binhi ni Aaron na
may ketong o may agas; ay hindi kakain ng mga banal
na bagay hanggang siya'y malinis. At ang humipo ng alin
mang bagay na karumaldumal dahil sa patay, o lalaking
nilabasan ng binhi nito; 5 O sinomang humipo ng anomang
umuusad na makapagpaparumi, o lalaking makakahawa
dahil sa alin mang karumihan niya; 6 Ang lalaking humipo
ng gayon ay magiging karumaldumal hanggang sa hapon,
at hindi kakain ng mga banal na bagay maliban na maligo
siya sa tubig. 7 At pagkalubog ng araw, ay magiging
malinis siya; at pagkatapos ay makakakain ng mga banal
na bagay, sapagka't siya niyang tinapay. 8 Yaong bagay
na namatay sa sarili, o nilapa ng mga ganid, ay huwag
niyang kakanin, na makapagpapahawa sa kaniya: ako ang
Panginoon. 9 Iingatan nga nila ang aking bilin, baka sila'y
magkasala sa paraang iyan, at kanilang ikamatay, kung
kanilang lapastanganin: ako ang Panginoon na nagpapaging
banal sa kanila. 10 Hindi makakakain ang sinomang taga
ibang bayan ng banal na bagay: sinomang nakikipanuluyan
sa saserdote, o aliping upahan niya ay hindi makakakain ng
banal na bagay. 11 Nguni't kung ang saserdote ay bumili
ng sinomang tao sa kaniyang salapi, ay makakakain ito;
at gayon din ang aliping inianak sa kaniyang bahay ay
makakakain ng kaniyang tinapay. 12 At kung ang isang
anak na babae ng saserdote ay magasawa sa isang taga
ibang bayan, ay hindi makakakain sa handog na itinaas
sa mga banal na bagay. 13 Datapuwa't kung ang anak na
babae ng saserdote ay bao o inihiwalay, na walang anak at
bumalik sa bahay ng kaniyang ama na gaya rin ng kaniyang
pagkadalaga, ay makakakain ng tinapay ng kaniyang ama,
nguni't ang sinomang taga ibang bayan ay hindi makakakain
niyaon. 14 At kung ang sinomang lalake ay magkamaling
kumain ng banal na bagay, ay kaniyang daragdagan pa nga
ng ikalimang bahagi yaon, at ibibigay niya sa saserdote
ang banal na bagay. 15 At huwag nilang dudumhan ang
mga banal na bagay ng mga anak ni Israel, na inihahandog
sa Panginoon; 16 At gayon papasanin ang kasamaan ng
nagtataglay ng sala, pagka kanilang kinakain ang kanilang
mga banal na bagay: sapagka't ako ang Panginoon na
nagpapaging banal sa kanila. 17 At sinalita ng Panginoon
kay Moises, na sinasabi, 18 Salitain mo kay Aaron at sa
kaniyang mga anak, at sa lahat ng mga anak ni Israel, at
sabihin mo sa kanila, Sinoman sa sangbahayan ni Israel,
o sa mga taga ibang bayan sa Israel, na maghahandog
ng kaniyang alay, maging anomang panata nila, o maging
anomang kusang handog nila, na kanilang inihahandog
sa Panginoon na pinakahandog na susunugin; 19 Upang
kayo'y tanggapin, ang inyong ihahandog ay lalaking hayop
na walang kapintasan, sa mga baka, sa mga tupa, o sa
mga kambing. 20 Datapuwa't alin mang may kapintasan,
ay huwag ninyong ihahandog; sapagka't hindi tatanggapin
sa inyo. 21 At sinomang maghandog sa Panginoon ng
haing handog tungkol sa kapayapaan, sa pagtupad ng
isang panata o kaya'y kusang handog, na mula sa bakahan
o sa kawan ay kinakailangang sakdal, upang tanggapin;
anomang kapintasan ay huwag magkakaroon. 22 Bulag, o
may bali, o may hiwa, o may sugat, o galisin, o malangib, ay
huwag ninyong ihahandog ang mga ito sa Panginoon, ni
huwag kayong maghahandog sa Panginoon ng mga iyan
na pinaraan sa apoy sa ibabaw ng dambana. 23 Maging
toro o tupa na may anomang kuntil o kulang sa kaniyang
sangkap ng katawan, ay maihahandog mo na handog mo na

kusa, datapuwa't sa panata ay hindi tatanggapin. 24 Yaong
niluluslusan, o napisa, o nabasag, o naputol ay huwag
ninyong ihahandog sa Panginoon; ni huwag kayong gagawa
ng ganyan sa inyong lupain. 25 Ni mula sa kamay ng taga
ibang lupa ay huwag ninyong ihahandog na pinakatinapay
ng inyong Dios ang alin mang mga hayop na ito: sapagka't
taglay nila ang kanilang karumhan, may kapintasan sa mga
iyan: hindi tatanggapin sa inyo. 26 At sinalita ng Panginoon
kay Moises, na sinasabi, 27 Pagka may ipinanganak, na
baka, o tupa, o kambing ay mapapasa kaniyang ina ngang
pitong araw; at mula sa ikawalong araw hanggang sa
haharapin ay tatanggaping alay sa Panginoon na handog
na pinaraan sa apoy. 28 At maging baka o tupa ay huwag
ninyong papatayin sa isang araw siya at ang kaniyang anak.
29 At pagka kayo'y maghahandog ng haing pasalamat sa
Panginoon, ay inyong ihahain upang kayo'y tanggapin. 30 Sa
araw ding iyan kakanin; huwag kayong magtitira ng anoman
niyan hanggang sa umaga: ako ang Panginoon. 31 Kaya't
inyong iingatan ang aking mga utos, at inyong tutuparin: ako
ang Panginoon. 32 At huwag ninyong lalapastanganin ang
aking banal na pangalan; kundi ako'y sasambahin sa gitna
ng mga anak ni Israel: ako ang Panginoon na nagpapaging
banal sa inyo, 33 Na naglabas sa inyo sa lupain ng Egipto,
upang ako'y maging inyong Dios: ako ang Panginoon.

**23** At sinalita ng Panginoon kay Moises, na sinasabi,
2 Salitain mo sa mga anak ni Israel at sabihin mo
sa kanila, ang mga takdang kapistahan sa Panginoon, na
inyong itatanyag na mga banal na pagpupulong, ay mga
ito nga ang aking mga takdang kapistahan. 3 Anim na
araw na gagawa: datapuwa't sa ikapitong araw ay sabbath
na takdang kapahingahan, siyang banal na pagpupulong;
anomang gawa ay huwag ninyong gagawin: isang sabbath
sa Panginoon sa lahat ng inyong tahanan. 4 Ito ang
mga takdang kapistahan sa Panginoon ng mga banal na
pagpupulong na inyong itatanyag sa takdang panahon. 5
Sa unang buwan, nang ikalabing apat na araw ng buwan,
sa paglubog ng araw, ay paskua sa Panginoon. 6 At nang
ikalabing limang araw ng buwang iyan, ay kapistahan ng
tinapay na walang lebadura sa Panginoon: pitong araw na
kakain kayo ng tinapay na walang lebadura. 7 Sa unang
araw ay magkakaroon ng banal na pagpupulong: anomang
gawang paglilingkod ay huwag ninyong gagawin. 8 Kundi
maghahandog kayo sa Panginoon na pitong araw ng handog
na pinaraan sa apoy; sa ikapitong araw ay magkakaroon
ng banal na pagpupulong anomang gawang paglilingkod
ay huwag ninyong gagawin. 9 At sinalita ng Panginoon
kay Moises na sinasabi, 10 Salitain mo sa mga anak ni
Israel, at sabihin mo sa kanila, Pagka kayo'y nakapasok sa
lupain na ibibigay ko sa inyo, at inyong nagapas na ang ani
niyaon, ay magdadala nga kayo sa saserdote ng bigkis na
pinaka pangunang bunga ng inyong paggapas: 11 At aalugin
niya ang bigkis sa harap ng Panginoon upang tanggapin
sa ganang inyo: sa kinabukasan pagkatapos ng sabbath
aalugin ng saserdote. 12 At sa araw na inyong alugin ang
bigkis, ay maghahandog kayo ng isang korderong lalake ng
unang taon, na walang kapintasan, na pinakahandog na
susunugin sa Panginoon. 13 At ang handog na harina niyaon
ay magiging dalawang ikasangpung bahagi ng isang epa ng
mainam na harina na hinaluan ng langis, handog nga sa
Panginoon na pinaraan sa apoy na pinakamasarap na amoy:
at ang pinakahandog na inumin niyaon ay alak, na ikaapat na
bahagi ng isang hin. 14 At huwag kayong kakain ng tinapay,
ni trigong sinangag, ni uhay na bago, hanggang sa araw na
ito, hanggang sa inyong madala ang alay sa inyong Dios:
siyang palatuntunan magpakailan man sa buong panahon
ng inyong lahi, sa lahat ng inyong mga tahanan. 15 At
kayo'y bibilang sa inyo mula sa kinabukasan ng sabbath
mula sa araw na inyong dalhin ang bigkis na handog na
inalog: magiging pitong sabbath na ganap. 16 Sa makatuwid
baga'y hanggang sa kinabukasan ng ikapitong sabbath,
bibilang kayo ng limang pung araw; at maghahandog kayo
ng bagong handog na harina sa Panginoon. 17 Sa inyong
mga tahanan ay magdadala kayo ng dalawang tinapay na
aalugin na may dalawang ikasangpung bahagi ng isang epa
ng mainam na harina, at lulutuin na may levadura na pinaka
pangunang bunga sa Panginoon. 18 At ihaharap ninyo ang
tinapay na kalakip ng pitong kordero ng unang taon na
walang kapintasan, at ng isang guyang toro at ng dalawang
tupang lalake: mga handog sa Panginoon na susunugin,
na kalakip ng kanilang handog na harina, at ng kanilang
mga handog na inumin, handog nga na pinaraan sa apoy na
pinakamasarap na amoy sa Panginoon. 19 At maghahandog
kayo ng isang lalaking kambing na pinakahandog dahil sa
kasalanan, at ng dalawang korderong lalake ng unang taon
na haing mga handog tungkol sa kapayapaan. 20 At aalugin
ng saserdote pati ng tinapay ng mga unang bunga, na
pinakahandog na inalog sa harap ng Panginoon, na kalakip
ng dalawang kordero: ang mga tinapay ay magiging itinalaga
sa Panginoon na ukol sa saserdote. 21 At inyong ihahayag sa
araw ding iyan; magiging banal na pagpupulong nga sa inyo;
kayo'y huwag gagawa ng anomang gawang paglilingkod:
siyang palatuntunan sa lahat ng inyong mga tahanan, sa
buong panahon ng inyong lahi. 22 At pagka inyong aanihin
ang ani sa inyong lupain, ay huwag ninyong pakakaanihin
ang mga sulok ng inyong bukid, ni pamulutan ang inyong
naanihan: sa dukha at sa taga ibang lupa inyong ititira: ako
ang Panginoon ninyong Dios. 23 At sinalita ng Panginoon
kay Moises, na sinasabi, 24 Salitain mo sa mga anak ni

Israel, na iyong sabihin, Sa ikapitong buwan, sa unang araw
ng buwan, ay magkakaroon kayo ng takdang kapahingahan,
na pinakaalaalang may tunog ng mga pakakak banal na
pagpupulong nga. **25** Kayo'y huwag gagawa ng anomang
gawang paglilingkod: at kayo'y maghahandog ng handog sa
Panginoon na pinaraan sa apoy. **26** At sinalita ng Panginoon
kay Moises, na sinasabi, **27** Gayon ma'y sa ikasangpung
araw nitong ikapitong buwan ay araw ng pagtubos: magiging
sa inyo'y banal na pagpupulong, at papagdadalamhatiin
ninyo ang inyong mga kaluluwa; at maghahandog kayo ng
handog sa Panginoon na pinaraan sa apoy. **28** At huwag
kayong gagawa ng anomang gawa sa araw ding iyan:
sapagka't araw ng pagtubos, upang itubos sa inyo sa harap
ng Panginoon ninyong Dios. **29** Sapagka't sinomang tao
na hindi magdalamhati sa araw ding iyan ay ihihiwalay sa
kaniyang bayan. **30** At sinomang tao na gumawa ng anomang
gawa sa araw ding iyan ay pupuksain ko ang taong yaon sa
kaniyang bayan. **31** Kayo'y huwag gagawa ng anomang
gawa: siyang palatuntunan magpakailan man sa buong
panahon ng inyong lahi sa lahat ng inyong mga tahanan.
**32** Magiging sabbath na takdang kapahingahan sa inyo,
at inyong pagdadalamhatiin ang inyong mga kaluluwa sa
ikasiyam na araw ng buwan sa hapon, mula sa pagkalubog
ng araw hanggang sa muling pagkalubog ng araw ay
ipangingilin ninyo ang inyong sabbath. **33** At sinalita ng
Panginoon kay Moises, na sinasabi, **34** Iyong salitain sa
mga anak ni Israel, na sabihin, Sa ikalabing limang araw ng
ikapitong buwang ito ay kapistahan ng mga balag na pitong
araw sa Panginoon. **35** Sa unang araw ay magkakaroon ng
banal na pagpupulong; kayo'y huwag gagawa ng anomang
gawang paglilingkod. **36** Pitong araw na maghahandog kayo
sa Panginoon ng handog na pinaraan sa apoy; sa ikawalong
araw ay magkakaroon kayo ng banal na pagpupulong; at
kayo'y maghahandog sa Panginoon ng handog na pinaraan
sa apoy; siyang pinaka dakilang kapulungan; huwag kayong
gagawa ng anomang gawang paglilingkod. **37** Ito ang mga
takdang kapistahan sa Panginoon, na inyong itatanyag
na mga banal na pagpupulong, upang maghandog sa
Panginoon ng handog na pinaraan sa apoy, ng handog na
susunugin, at ng handog na harina, ng hain, at ng mga
handog na inumin na bawa't isa ay sa kaniyang sariling
kaarawan: **38** Bukod sa mga sabbath sa Panginoon, at
bukod sa inyong mga kaloob, at bukod sa lahat ng inyong
mga panata, at bukod sa lahat ng inyong mga handog
na kusa na inyong ibinibigay sa Panginoon. **39** Gayon
ma'y sa ikalabing limang araw ng ikapitong buwan, pagka
inyong natipon ang bunga ng lupain, ay magdidiwang kayo
sa Panginoon ng kapistahang pitong araw: ang unang
araw ay magiging takdang kapahingahan, at ang ikawalong
araw ay magiging takdang kapahingahan. **40** At magdadala
kayo sa unang araw ng bunga ng magagandang punong
kahoy, ng mga sanga ng mga palma, at ng mga sanga ng
mayayabong na punong kahoy, at ng mga sause ng batis; at
kayo'y magpapakagalak sa harap ng Panginoon ninyong
Dios, na pitong araw. **41** At inyong ipangingiling isang
kapistahan sa Panginoon na pitong araw sa bawa't taon:
siyang palatuntunan magpakailan man sa buong panahon
ng inyong lahi: sa ikapitong buwan ay ipagdidiwang ninyo
ang kapistahang ito. **42** Kayo'y tatahan sa mga balag na
pitong araw; yaong lahat ng tubo sa Israel ay tatahan sa
mga balag: **43** Upang maalaman ng inyong mga lahi na sa
mga balag pinatahan ko ang mga anak ni Israel, nang aking
ilabas sa lupain ng Egipto: ako ang Panginoon ninyong Dios.
**44** At ipinakilala ni Moises sa mga anak ni Israel ang mga
takdang kapistahan sa Panginoon.

**24** At sinalita ng Panginoon kay Moises, na sinasabi,
**2** Iutos mo sa mga anak ni Israel na dalhan ka ng
langis na dalisay na oliva, na hinalo para sa ilawan, upang
laging papagliyabin ang ilawan. **3** Sa labas ng tabing ng
kaban ng patotoo sa tabernakulo ng kapisanan, ay aayusing
palagi ni Aaron, mula sa hapon hanggang sa umaga sa
harap ng Panginoon: siyang palatuntunan magpakailan
man sa buong panahon ng inyong lahi. **4** Kanyang aayusin
lagi ang mga ilawan sa ibabaw ng kandelerong dalisay
sa harap ng Panginoon. **5** At kukuha ka ng mainam na
harina, at magluluto ka niyan ng labing dalawang munting
tinapay: tigdadalawang ikasampung bahagi ng isang epa
ang bawa't munting tinapay. **6** At ilalagay mong dalawang
hanay, anim sa bawa't hanay, sa ibabaw ng dulang na
dalisay sa harap ng Panginoon. **7** At maglalagay ka sa
bawa't hanay ng dalisay na kamangyan, upang ito'y maging
paalaala na tinapay, na handog nga sa Panginoon na
pinaraan sa apoy. **8** Sa bawa't sabbath ay aayusing palagi
ang tinapay sa harap ng Panginoon; sa ganang mga anak
ni Israel, na pinakatipang walang hanggan. **9** At magiging
kay Aaron at sa kaniyang mga anak; at kanilang kakanin
sa dakong banal: sapagka't kabanalbanalang bagay sa
kaniya sa mga handog sa Panginoon na pinaraan sa apoy
sa pamamagitan ng palatuntunang walang hanggan. **10**
At ang anak na lalake ng isang babaing, Israelita na ang
ama'y Egipcio, ay napasa gitna ng mga anak ni Israel: at
nagbabag sa gitna ng kampamento ang anak ng babaing
Israelita at ang isang lalake ni Israel. **11** At nilapastangan
ng anak ng babaing Israelita ang Pangalan, at nilait: at
siya'y kanilang dinala kay Moises, at ang pangalan ng
kaniyang ina ay Selomith, na anak ni Dribi sa lipi ni Dan.
**12** At siya'y kanilang inilagay sa bilangguan hanggang sa
ang hatol ay ipahayag sa kanila ng bibig ng Panginoon.

13 At sinalita ng Panginoon kay Moises, na sinasabi, 14
Dalhin mo ang mapaglait sa labas ng kampamento; at ang
lahat ng nakarinig sa kaniya ay magpatong ng kanilang
mga kamay sa kaniyang ulo, at pagbatuhanan siya ng
buong kapisanan. 15 At sasalitain mo sa mga anak ni
Israel, na iyong sasabihin, Sinomang mapanungayaw sa
kaniyang Dios ay magpapasan ng kaniyang sala. 16 At ang
lumapastangan sa pangalan ng Panginoon ay papataying
walang pagsala; walang pagsalang pagbabatuhanan siya ng
buong kapisanan: maging taga ibang lupa o maging tubo sa
lupain, ay papatayin pagka lumapastangan sa Pangalan
ng Panginoon. 17 At ang manakit ng malubha sa kanino
mang tao, ay papataying walang pagsala; 18 At ang manakit
ng malubha sa isang hayop ay magpapalit: hayop kung
hayop. 19 At kung ang sinoman ay makasakit sa kaniyang
kapuwa: ayon sa ginawa niya ay gayon ang gagawin sa
kaniya; 20 Bugbog kung bugbog, mata kung mata, ngipin
kung ngipin: ayon sa kaniyang pagkasakit sa tao, ay gayon
din ang gagawin sa kaniya. 21 At ang pumatay ng isang
hayop ay magpapalit, at ang pumatay sa isang tao ay
papatayin. 22 Magkakaroon kayo ng isa lamang kautusan sa
taga ibang bayan, na gaya sa tubo sa lupain: sapagka't ako
ang Panginoon ninyong Dios. 23 At nagsalita si Moises sa
mga anak ni Israel at siya na nanglait ay inilabas nila sa
kampamento, at siya'y pinagbatuhanan ng mga bato. At
ginawa ng mga anak ni Israel, ayon sa iniutos ng Panginoon
kay Moises.

**25** At sinalita ng Panginoon kay Moises sa bundok ng
Sinai, na sinasabi, 2 Salitain mo sa mga anak ni
Israel, at sabihin mo sa kanila, Pagpasok ninyo sa lupain
na ibibigay ko sa inyo, ay mangingilin ng isang sabbath
sa Panginoon ang lupain. 3 Anim na taong hahasikan
mo ang iyong bukid, at anim na taong kakapunin mo ang
iyong ubasan, at titipunin mo ang bunga ng mga iyan;
4 Datapuwa't sa ikapitong taon ay magiging sabbath na
takdang kapahingahan sa lupain, sabbath sa Panginoon:
huwag mong hahasikan ang iyong bukid, ni kakapunin ang
iyong ubasan. 5 Yaong tumubo sa sarili sa iyong inaanihan
ay huwag mong aanihin, at ang mga ubas ng iyong ubasan
na hindi nakapon ay huwag mong titipunin: magiging taong
takdang kapahingahan sa lupain. 6 At ang bunga sa sabbath
ng lupain ay magiging pagkain sa inyo; sa iyo, at sa iyong
aliping lalake at babae, at sa iyong aliping upahan, at sa taga
ibang bayan na nakikipamayan sa iyo; 7 At sa iyong mga
baka at sa mga hayop na nasa iyong lupain ay magiging
pagkain ang lahat ng bunga ng mga iyan. 8 At bibilang
ka ng pitong sabbath ng taon, makapitong pitong taon; at
magiging sa iyo'y mga araw ng pitong sabbath ng mga taon,
sa makatuwid baga'y apat na pu't siyam na taon. 9 Kung
magkagayo'y maguutos ka na lumibot sa bayan ang pakakak
na matunog sa ikasangpung araw ng ika pitong buwan; sa
araw ng pagtubos patutunugin ninyo ang pakakak sa buong
lupain ninyo. 10 At ipangingilin ninyo ang ikalimang pung
taon, at ihahayag ninyo sa buong lupain ang kalayaan sa
lahat na tumatahan sa lupain: iya'y magiging kapistahan ng
jubileo sa inyo; at bawa't isa sa inyo ay babalik sa kaniyang
pag-aari, at bawa't isa'y babalik sa kaniyang sangbahayan.
11 Magiging kapistahan ng jubileo nga sa inyo ang ikalimang
pung taon: huwag ninyong hahasikan ni aanihin ang tumubo
sa kaniyang sarili, ni titipunin ang mga ubas ng ubasan na
hindi nakapon. 12 Sapagka't kapistahan ng jubileo; magiging
banal sa inyo: kakanin ninyo ang bunga niyan sa bukid. 13 Sa
taong ito ng jubileo, ay babalik kayo, bawa't isa sa kaniyang
pag-aari. 14 At kung ikaw ay magbili ng anoman sa iyong
kapuwa o bumili ng anoman sa kamay ng iyong kapuwa, ay
huwag kayong magdadayaan. 15 Ayon sa bilang ng taon
pagkatapos ng jubileo, ay bibilhin mo sa iyong kapuwa,
ayon sa bilang ng taon ng pagaani, ay kaniyang ipagbibili
sa iyo. 16 Ayon sa dami ng mga taon, ay daragdagan mo
ang halaga niyan, at ayon sa kakauntian ng mga taon,
ay babawasan mo ang halaga niyan; sapagka't ganyang
bilang ng ani ang kaniyang ipagbibili sa iyo. 17 At huwag
kayong magdadayaan; kundi matatakot kayo sa inyong Dios:
sapagka't ako ang Panginoon ninyong Dios. 18 Kaya't inyong
tutuparin ang aking mga palatuntunan, at inyong iingatan ang
aking mga kahatulan at inyong isasagawa at tatahan kayong
tiwasay sa lupain. 19 At ang lupain ay magbubunga, at kakain
kayo hanggang sa mabusog at tatahan kayong tiwasay
doon. 20 At kung sasabihin ninyo, Anong aming kakanin sa
ikapitong taon? narito, hindi kami maghahasik ni magtitipon
ng aming mga bunga: 21 At aking igagawad ang aking
pagpapala sa inyo sa ikaanim na taon, at magbubunga ng
kasya sa tatlong taon. 22 At maghahasik kayo sa ikawalong
taon, at kakain kayo ng dating kinamalig na mga bunga
hanggang sa ikasiyam na taon, hanggang sa dumating ang
pagbubunga ng ikawalo ay kakain kayo ng dating kinamalig.
23 At ang lupain ay hindi maipagbibili ng magpakailan man;
sapagka't akin ang lupain: sapagka't kayo'y taga ibang bayan
at makikipamayang kasama ko. 24 At sa buong lupain na
iyong pag-aari ay magkakaloob kayo ng pangtubos sa lupain.
25 Kung ang iyong kapatid ay maghirap, at ipagbili ang
anoman sa kaniyang pag-aari, ay paroroon ang kaniyang
kamaganak na pinakamalapit sa kaniya, at tutubusin ang
ipinagbili ng kaniyang kapatid. 26 At kung ang taong yaon ay
walang manunubos, at siya'y yumaman at nakasumpong ng
kasapatan upang matubos yaon; 27 Ay kaniyang bilangin
ang mga taon pagkatapos na kaniyang naipagbili, at isasauli
ang labis sa taong kaniyang pinagbilhan; at babalik siya sa

kaniyang pag-aari. **28** Nguni't kung siya'y walang kasapatan,
upang maibalik niya sa kaniya, ang ipinagbili ay matitira nga
sa kapangyarihan ng bumili hanggang sa taon ng jubileo; at
sa jubileo ay maaalis sa kapangyarihan niyaon, at ang may-
ari ay babalik sa kaniyang pag-aari. **29** At kung ang isang
tao ay magbili ng bahay na tahanan sa nakukutaang bayan
ay matutubos niya sa loob ng isang buong taon pagkatapos
na maipagbili; sapagka't isang buong taon ang kaniyang
matuwid ng pagtubos. **30** At kung hindi matubos sa loob ng
isang buong taon, ang bahay na nasa nakukutaang bayan
ay lalagi magpakailan man, na pag-aari niyaong bumili, sa
buong panahon ng kaniyang lahi: hindi maaalis sa kaniya sa
jubileo. **31** Nguni't ang mga bahay sa mga nayon na walang
kuta sa palibot, ay aariing para ng sa mga bukirin sa lupain:
kanilang matutubos; at sa jubileo ay magsisialis. **32** Gayon
ma'y sa mga bayan ng mga Levita, kailan ma'y maaaring
matubos ng mga Levita ang mga bahay sa mga bayan ng
kanilang pag-aari. **33** At kung ang isa sa mga Levita ay
tumubos, ang bahay na ipinagbili at ang bayang kaniyang
pag-aari, ay maaalis sa jubileo, sapagka't ang mga bahay sa
mga bayan ng mga Levita ay kanilang pag-aari sa gitna ng
mga anak ni Israel. **34** Datapuwa't ang mga bukid sa palibot
ng mga bayan nila, ay hindi maipagbibili, sapagka't pag-
aari nila magpakailan man. **35** At kung maghirap ang iyong
kapatid at manglupaypay sa iyong siping, ay iyo siyang
aalalayan na patutuluyin mo, na manunuluyan sa iyong
parang taga ibang bayan at nakikipamayan. **36** Huwag kang
kukuha sa kaniya ng patubo o pakinabang, kundi matakot
ka sa iyong Dios: patuluyin mo ang iyong kapatid. **37** Ang
iyong salapi ay huwag mong ibibigay sa kaniya na may
patubo, ni ibibigay mo sa kaniya na may pakinabang ang
iyong pagkain. **38** Ako ang Panginoon ninyong Dios, na
inilabas ko kayo sa lupain ng Egipto, upang ibigay ko sa
inyo ang lupain ng Canaan, at ako'y maging inyong Dios. **39**
At kung ang iyong kapatid na kasama mo ay maghirap at
pabili siya sa iyo: ay huwag mo siyang papaglilingkuring
parang alipin; **40** Ipalalagay mo siyang parang lingkod na
upahan at parang nakikipamayan; hanggang sa taon ng
jubileo ay maglilingkod siya sa iyo: **41** Kung magkagayo'y
aalis siya sa iyo, siya at ang kaniyang mga anak na kasama
niya, at babalik sa kaniyang sariling sangbahayan, at babalik
sa pag-aari ng kaniyang mga magulang. **42** Sapagka't sila'y
aking mga lingkod, na aking inilabas sa lupain ng Egipto;
sila'y hindi maipagbibiling parang mga alipin. **43** Huwag kang
papapanginoon sa kaniya na may kabagsikan; kundi ikaw ay
matatakot sa iyong Dios. **44** At tungkol sa iyong mga aliping
lalake at babae na magkakaroon ka; sa mga bansang nasa
palibot ninyo, ay makabibili kayo sa kanila ng mga aliping
lalake at babae. **45** Saka sa mga anak ng mga taga ibang
lupa na nakikipamayan sa inyo, sa mga ito'y makabibili kayo,
at sa kanilang mga sangbahayan na nasa inyo, na mga
ipinanganak nila sa inyong lupain: at magiging inyong pag-
aari. **46** At inyong iiwang pinakapamana sa inyong mga anak
pagkamatay ninyo, na pinakapag-aari; sa mga iyan kukuha
kayo ng inyong mga alipin magpakailan man: nguni't sa
inyong mga kapatid na mga anak ni Israel ay huwag kayong
magpapanginoonan na may kabagsikan. **47** At kung ang
taga ibang lupa o ang nakikipamayan na kasama mo ay
yumaman, at ang iyong kapatid ay maghirap sa siping niya,
at pabili sa taga ibang bayan o nakikipamayan sa iyo o sa
sinomang kasangbahay ng taga ibang lupa; **48** Pagkatapos
na siya'y maipagbili ay kaniyang matutubos: isa sa kaniyang
mga kapatid ay makatutubos sa kaniya: **49** O ang kaniyang
amain o ang anak ng kaniyang amain ay makatutubos sa
kaniya; o sinomang kamaganak na malapit niya sa kaniyang
sangbahayan ay makatutubos sa kaniya; o kung yumaman
siya ay makatutubos siya sa kaniyang sarili. **50** At kaniyang
bibilangan yaong bumili sa kaniya, mula sa taong bilhin siya
hanggang sa taon ng jubileo: at ang halaga ng pagkabili sa
kaniya ay magiging ayon sa bilang ng mga taon; at gagawin
sa kaniya ay ayon sa panahon ng isang lingkod na upahan.
**51** Kung maraming taon pa ang kulang niya, ayon sa dami ng
mga iyan, ay isasauli ang halaga ng kaniyang pagkatubos
sa kaniya na salaping sa kaniya'y ibinili. **52** At kung kaunti
ang mga taong nagkukulang hanggang sa taon ng jubileo
ay ibibilang sa kaniya; ayon sa kaniyang mga taon na
nagkukulang ay isasauli ang halaga ng kaniyang katubusan.
**53** Kung paano ang alilang may bayad sa taon-taon, ay
gayon matitira sa kaniya: siya'y huwag papapanginoon sa
kaniya na may kabagsikan sa iyong paningin. **54** At kung
hindi siya tubusin sa mga paraang ito, ay aalis siya sa
taon ng jubileo, siya at ang kaniyang mga anak na kasama
niya. **55** Sapagka't sa akin ang mga anak ni Israel ay mga
lingkod; sila'y aking mga lingkod na aking inilabas sa lupain
ng Egipto: ako ang Panginoon ninyong Dios.

**26** Huwag kayong gagawa para sa inyo ng mga diosdiosan,
ni magtatayo kayo ng larawang inanyuan o haligi, ni
huwag kayong maglalagay ng batong inanyuan sa inyong
lupain, upang inyong yukuran yaon: sapagka't ako ang
Panginoon ninyong Dios. **2** Inyong ipangingilin ang aking
mga sabbath, at inyong igagalang ang aking santuario: ako
ang Panginoon. **3** Kung lalakad kayo ng ayon sa aking
mga palatuntunan at iingatan ninyo ang aking mga utos,
at inyong tutuparin: **4** Ay maglalagpak nga ako ng ulan
sa kapanahunan, at ang lupain ay pakikinabangan, at ang
mga kahoy sa parang ay magbubunga. **5** At ang inyong
paggiik ay aabot hanggang sa pagaani ng mga ubas, at ang
pagaani ng ubas ay aabot sa paghahasik: at kakanin ninyo

ang inyong pagkain na sagana, at tatahan kayong tiwasay
sa inyong lupain. **6** At magbibigay ako ng kapayapaan sa
lupain, at mahihiga kayo, at walang katatakutan kayo: at
aking papawiin sa lupain ang mababangis na hayop, ni
hindi dadaanan ang inyong lupain sa tabak. **7** At hahabulin
ninyo ang inyong mga kaaway, at mangabubuwal sa harap
ninyo sa tabak. **8** At lima sa inyo'y hahabol sa isang daan,
at isang daan sa inyo'y hahabol sa sangpung libo: at ang
inyong mga kaaway ay mangabubuwal sa tabak sa harap
ninyo. **9** At lilingapin ko kayo, at palalaguin ko kayo, at
pararamihin ko kayo; at papagtitibayin ko ang aking tipan
sa inyo. **10** At kakanin ninyo ang malaong kinamalig, at
inyong ilalabas ang luma dahil sa bago. **11** At ilalagay ko
ang aking tabernakulo sa gitna ninyo: at hindi ko kayo
kapopootan. **12** At lalakad ako sa gitna ninyo at ako'y
magiging inyong Dios, at kayo'y magiging aking bayan. **13**
Ako ang Panginoon ninyong Dios, na naglabas sa inyo sa
lupain ng Egipto, upang huwag kayong maging mga alipin
nila; at sinira ko ang mga kahoy ng inyong pamatok, at
pinalakad ko kayo ng mga ulong matuwid. **14** Nguni't kung
hindi ninyo pakikinggan ako, at hindi ninyo tutuparin ang
lahat ng mga utos na ito; **15** At kung inyong tatanggihan
ang aking mga palatuntunan, at kasusuklaman nga ninyo
ang aking mga hatol, na anopa't hindi ninyo tutuparin ang
lahat ng aking mga utos, kundi inyong sisirain ang aking
tipan; **16** Ay gagawin ko naman ito sa inyo; ilalagay ko
sa gitna ninyo ang sindak, at pagkatuyo, at ang lagnat na
uubos sa mga mata, at magpapalupaypay sa kaluluwa: at
maghahasik kayo ng inyong binhi na walang kabuluhan,
sapagka't kakanin ng inyong mga kaaway. **17** At itititig ko
ang aking mukha laban sa inyo, at kayo'y masasaktan sa
harap ng inyong mga kaaway: kayo'y pagpupunuan ng mga
napopoot sa inyo; at kayo'y tatakas nang walang humahabol
sa inyo. **18** At kung sa mga bagay na ito man ay hindi
ninyo ako pakinggan, ay parurusahan ko kayong makapito
pa, dahil sa inyong mga kasalanan. **19** At sisirain ko ang
kahambugan ng inyong kapangyarihan; at gagawin kong
parang bakal ang inyong langit at parang tanso ang inyong
lupa: **20** At gugugulin ninyo ang inyong kalakasan ng walang
kabuluhan; sapagka't hindi ibibigay sa inyo ng inyong lupain
ang kaniyang bunga ni ng kahoy sa parang ang kaniyang
bunga. **21** At kung kayo'y sasalangsang sa akin, at hindi
ninyo ako didinggin; ay dadalhan ko kayo ng makapito ang
higit ng salot ayon sa inyong mga kasalanan. **22** At susuguin
ko sa inyo ang mga halimaw sa parang, ng samsaman kayo
ng inyong mga anak, at papatayin ang inyong mga hayop, at
kayo'y pakakauntiin sa bilang; at mangungulila ang inyong
mga lakad. **23** At kung sa mga bagay mang ito ay hindi pa
kayo magbago sa akin, kundi sasalangsang kayo sa akin: **24**
At lalakad din naman ako ng laban sa inyo, at sasaktan
ko kayo, ng makapito pa dahil sa inyong mga kasalanan:
**25** At pararatingin ko sa inyo ang tabak na gaganap ng
higanti ng tipan; at kayo'y matitipon sa loob ng inyong mga
bayan: at pararatingin ko ang salot sa gitna ninyo; at kayo'y
mabibigay sa kamay ng kaaway. **26** Pagka masisira ko ang
tungkod ninyong tinapay, ang sangpung babae ay magluluto
ng inyong tinapay sa isa lamang hurno, at sa inyo'y isasauli
sa timbang ang inyong tinapay: at kayo'y kakain at hindi
kayo mangabubusog. **27** At kung sa lahat ng ito ay hindi
ninyo ako pakikinggan, kundi kayo'y sasalangsang sa akin;
**28** Ay sasalangsang ako sa inyo na may kapusukan; at
parurusahan ko kayong makapito pa dahil sa inyong mga
kasalanan. **29** At kakanin ninyo ang laman ng inyong mga
anak na lalake, at ang mga laman ng inyong mga anak
na babae ay inyong kakanin. **30** At sisirain ko ang inyong
matataas na dako, at aking wawasakin ang inyong mga
larawang araw, at itatapon ko ang inyong mga bangkay sa
mga katawan ng inyong mga diosdiosan; at kapopootan kayo
ng aking kaluluwa. **31** At gagawin kong giba ang inyong mga
bayan, at gigibain ko ang inyong mga santuario, at hindi ko na
sasamyuin ang amoy ng inyong mga may amoy na masarap.
**32** At gagawin kong ilang ang lupain: at pagtatakhan ng
inyong mga kaaway na tumatahan doon. **33** At kayo'y aking
pangangalatin sa mga bansa, at pagbubunutan ko kayo ng
tabak sa hulihan ninyo: at ang inyong lupain ay magiging
isang ilang, at ang inyong mga bayan ay magiging sira.
**34** Kung magkagayo'y magagalak ang lupain sa kaniyang
mga sabbath, habang nahahandusay na sira, at kayo'y
mapapasa lupain ng inyong mga kaaway; ang lupain nga ay
magpapahinga, at magagalak sa kaniyang mga sabbath.
**35** Habang nahahandusay na sira ay magkakaroon ng
kapahingahan, sa makatuwid baga'y ang hindi ipinagpahinga
sa inyong mga sabbath, nang kayo'y nagsisitahan doon.
**36** At tungkol sa mga matitira sa inyo, ay sisidlan ko ng
takot sa kanilang puso, sa mga lupain ng kaniyang mga
kaaway: at hahabulin sila ng kalatis ng isang dahong
nalalaglag; at sila'y tatakas na parang tumatakas sa tabak;
at sila'y mabubuwal nang walang humahabol sa kanila.
**37** At mangagkakatisuran sila na parang nasa harap ng
tabak, kahit walang humahabol: at hindi kayo makatatayo
sa harap ng inyong mga kaaway. **38** At mamamatay kayo
sa gitna ng mga bansa, at sasakmalin kayo ng lupain ng
inyong mga kaaway. **39** At ang mga matitira sa inyo ay
magsisipanglupaypay sa kanilang kasamaan sa mga lupain
ng inyong mga kaaway; at sa mga kasamaan naman ng
kanilang mga magulang ay magsisipanglupaypay na kasama
nila. **40** At kanilang isasaysay ang kanilang kasamaan, at
ang kasamaan ng kanilang mga magulang, sa ang kanilang

pagsalangsang na isinalangsang laban sa akin, sapagka't
sila'y lumakad naman ng laban sa akin. **41** Ako naman ay
lumakad ng laban sa kanila, at sila'y aking dinala sa lupain
ng kanilang mga kaaway: kung magpapakababa nga ang
kanilang mga pusong hindi tuli, at kanilang tatanggapin
ang parusa sa kanilang kasamaan; **42** Ay aalalahanin ko
nga ang aking tipan kay Jacob; at ang akin ding tipan kay
Isaac, at gayon din ang aking tipan kay Abraham ay aking
aalalahanin; at aking aalalahanin ang lupain. **43** Ang lupain
naman ay pababayaan nila, at magagalak sa kaniyang
mga sabbath, samantalang nahahandusay na sira na wala
sila; at kanilang tatanggapin ang kaparusahan ng kanilang
kasamaan: sapagka't kanilang tinanggihan ang aking mga
hatol, at kinapootan ng kanilang kaluluwa ang aking mga
palatuntunan. **44** At sa lahat mang ito, pagka sila'y nasa
lupain ng kanilang mga kaaway ay hindi ko sila itatakuwil,
ni kapopootan ko sila na sila'y aking lubos na lilipulin, at
aking sisirain ang aking tipan sa kanila: sapagka't ako ang
Panginoon nilang Dios: **45** Kundi aalalahanin ko alangalang
sa kanila ang tipan ng kanilang mga magulang, na aking
inilabas sa lupain ng Egipto, sa paningin ng mga bansa,
upang ako'y maging kanilang Dios: ako ang Panginoon. **46**
Ito ang mga palatuntunan at ang mga hatol at ang mga
kautusang ginawa ng Panginoon sa kaniyang sarili at sa
mga anak ni Israel sa bundok ng Sinai sa pamamagitan ni
Moises.

**27** At sinalita ng Panginoon kay Moises, na sinasabi, **2**
Salitain mo sa mga anak ni Israel, at sabihin mo sa
kanila, Pagka ang sinoman ay tutupad ng panata ayon sa
iyong inihalaga, ay magiging sa Panginoon ang mga tao. **3**
At ang iyong inihalaga tungkol sa lalake, na mula sa may
dalawang pung taong gulang hanggang sa may anim na pu,
ay limang pung siklong pilak, ang iyong ihahalaga ayon sa
siklo ng santuario. **4** At kung tungkol sa babae tatlong pung
siklo ang ihahalaga mo. **5** At kung mula sa may limang taon
hanggang sa may dalawang pung taon, ay dalawang pung
siklo, ang ihahalaga mo sa lalake at sa babae ay sangpung
siklo. **6** At kung mula sa may isang buwan hanggang sa
may limang taon ay limang siklong pilak ang iyong ihahalaga
sa lalake at sa babae ay tatlong siklong pilak ang iyong
ihahalaga. **7** At kung sa may anim na pung taon na patanda;
kung lalake, ay labing limang siklo ang iyong ihahalaga,
at sa babae ay sangpung siklo. **8** Nguni't kung kapos ng
ikababayad sa iyong inihalaga, ay pahaharapin mo siya
sa harap ng saserdote, at hahalagahan siya ng saserdote;
ayon sa ikakakaya ng may panata, ay siyang ihahalaga sa
kaniya ng saserdote. **9** At kung hayop na ihahandog na
alay sa Panginoon, lahat na ibibigay niyaon ng sinoman sa
Panginoon ay magiging banal. **10** Huwag niyang babaguhin o
papalitan ang mabuti ng masama o ang masama ng mabuti:
at kung sa anomang paraan ay palitan ang isang hayop ng
iba, ay magiging kapuwa banal yaon at ang kapalit niyaon.
**11** At kung yao'y anomang hayop na karumaldumal na sa
hindi maihahandog na alay sa Panginoon, ay ilalagay nga
niya ang hayop sa harap ng saserdote: **12** At hahalagahan
ng saserdote, maging mabuti o masama: ayon sa inihalaga
ng saserdote ay magiging gayon. **13** Datapuwa't kung
tunay na kaniyang tutubusin, ay magdadagdag nga siya ng
ikalimang bahagi niyaon sa inihalaga mo. **14** At pagka ang
sinoman ay magtatalaga ng kaniyang bahay upang maging
banal sa Panginoon, ay hahalagahan nga ng saserdote,
kung mabuti o masama: ayon sa ihahalaga ng saserdote
ay magiging gayon. **15** At kung tutubusin ng nagtalaga
ang kaniyang bahay, ay magdadagdag nga ng ikalimang
bahagi ng salapi na inihalaga mo roon, at magiging kaniya.
**16** At kung ang sinoman ay magtatalaga sa Panginoon
ng bahagi ng bukid na kaniyang pag-aari, ay ayon sa
hasik doon ang iyong ihahalaga nga: ang hasik na isang
omer na cebada ay hahalagahan ng limang pung siklong
pilak. **17** Kung itatalaga niya ang kaniyang bukid mula sa
taon ng jubileo, ay magiging ayon sa iyong inihalaga. **18**
Datapuwa't kung italaga niya ang kaniyang bukid pagkatapos
ng jubileo, ay bibilangan sa kaniya ng saserdote ng salapi
ayon sa mga taong natitira hanggang sa taon ng jubileo
at bababaan ang iyong inihalaga. **19** At kung tutubusin ng
nagtalaga ng bukid ay magdadagdag ng ikalimang bahagi
ng salaping iyong inihalaga roon, at mapapasa kaniya. **20**
At kung hindi niya tutubusin ang bukid, o kung ipinagbili
niya ang bukid sa ibang tao ay hindi na niya matutubos:
**21** Kundi ang bukid pagka naalis sa jubileo, ay magiging
banal sa Panginoon, na parang bukid na itinalaga: ang
kapangyarihan doon ay mapapasa saserdote. **22** At kung
ang sinoman ay magtalaga sa Panginoon ng bukid na binili,
na hindi sa bukid na kaniyang pag-aari; **23** Ay ibibilang
nga sa kaniya ng saserdote ang halaga ng iyong inihalaga
hanggang sa taon ng jubileo, at babayaran niya ang iyong
inihalaga ng araw ding iyon, na parang banal na bagay sa
Panginoon. **24** Sa taon ng jubileo ay mababalik ang bukid
doon sa kaniyang binilhan, doon sa kinararapatan ng pag-
aari ng lupa. **25** At ang buo mong ihahalaga ay magiging
ayon sa siklo ng santuario: dalawang pung gera ang isang
siklo. **26** Ang panganay lamang sa mga hayop na iniukol
ang pagkapanganay sa Panginoon, ang hindi maitatalaga
ninoman; maging baka o tupa, ay ukol sa Panginoon. **27** At
kung hayop na karumaldumal, ay kaniyang tutubusin nga
yaon sa iyong inihalaga at idadagdag pa niya ang ikalimang
bahagi niyaon; o kung hindi tutubusin ay ipagbibili ayon sa
iyong inihalaga. **28** Gayon ma'y walang bagay na itinalaga,

na itatalaga ninoman sa Panginoon, sa lahat ng sariling
kaniya, maging sa tao o sa hayop, o sa bukid na kaniyang
pag-aari, ay maipagbibili o matutubos: bawa't bagay na
itinalaga ay kabanalbanalan sa Panginoon. **29** Walang
itinalaga na itatalaga ng mga tao, ay matutubos: papataying
walang pagsala. **30** At lahat na ikasangpung bahagi ng
lupain, maging sa binhi ng lupain, o sa bunga ng punong
kahoy ay sa Panginoon: magiging banal sa Panginoon. **31**
At kung ang sinoman ay tutubos ng alin mang bahagi ng
kaniyang ikasangpung bahagi ay idagdag niya roon ang
ikalimang bahagi niyaon. **32** At lahat ng ikasangpung bahagi
sa bakahan o sa kawan, anomang madaan sa tungkod, ay
magiging banal sa Panginoon ang ikasangpung bahagi. **33**
Huwag niyang sisiyasatin kung mabuti o masama, ni huwag
niyang papalitan: at kung sa anomang paraan ay palitan
niya, ay kapuwa magiging banal; hindi matutubos. **34** Ito ang
mga utos na iniutos ng Panginoon kay Moises, sa bundok
ng Sinai hinggil sa mga anak ni Israel.

# Mga Bilang

**1** At ang Panginoon ay nagsalita kay Moises sa ilang ng
Sinai sa tabernakulo ng kapisanan, nang unang araw
ng ikalawang buwan, sa ikalawang taon pagkatapos na
makaalis sila sa lupain ng Egipto, na sinasabi, **2** Bilangin mo
ang buong kapisanan ng mga anak ni Israel, ayon sa mga
angkan nila, ayon sa mga sangbahayan ng kanikanilang
mga magulang, ayon sa bilang ng mga pangalan, bawa't
lalake ayon sa dami ng mga ulo nila; **3** Mula sa dalawang
pung taong gulang na patanda, lahat ng makalalabas sa
Israel sa pakikibaka, na bibilangin ninyo at ni Aaron sila
ayon sa kanilang mga hukbo. **4** At magsasama kayo ng
isang lalake ng bawa't lipi; na bawa't isa'y pangulo sa
sangbahayan ng kaniyang mga magulang. **5** At ito ang
mga pangalan ng mga lalake na sasama sa inyo. Sa lipi ni
Ruben: si Elisur na anak ni Sedeur. **6** Sa lipi ni Simeon; si
Selumiel na anak ni Zurisaddai. **7** Sa lipi ni Juda; si Naason
na anak ni Aminadab. **8** Sa lipi ni Issachar; si Nathanael
na anak ni Suar. **9** Sa lipi ni Zabulon; si Eliab na anak
ni Helon. **10** Sa mga anak ni Jose: sa lipi ni Ephraim; si
Elisama na anak ni Ammiud: sa lipi ni Manases; si Gamaliel
na anak ni Pedasur. **11** Sa lipi ni Benjamin; si Abidan na
anak ni Gedeon. **12** Sa lipi ni Dan; si Ahiezer na anak ni
Ammisaddai. **13** Sa lipi ni Aser; si Phegiel na anak ni Ocran.
**14** Sa lipi ni Gad; si Eliasaph na anak ni Deuel. **15** Sa lipi ni
Nephtali; si Ahira na anak ni Enan. **16** Ito ang mga tinawag
sa kapisanan, na mga prinsipe sa mga lipi ng kanikanilang
mga magulang; sila ang mga pangulo ng libolibong taga
Israel. **17** At dinala ni Moises at ni Aaron ang mga lalaking ito
na nasaysay sa pamamagitan ng kanikaniyang pangalan: **18**
At kanilang pinisan ang buong kapisanan nang unang araw
ng ikalawang buwan; at kanilang sinaysay ang kanikaniyang
kanunuan ayon sa kanikanilang angkan, sangayon sa mga
sangbahayan ng kanilang mga magulang, ayon sa bilang ng
mga pangalan, mula sa dalawang pung taong gulang na
patanda, ayon sa dami ng mga ulo nila. **19** Kung paanong
iniutos ng Panginoon kay Moises, ay gayon niya binilang
sa ilang ng Sinai. **20** At ang mga anak ni Ruben, na
panganay ni Israel, ang kanilang mga lahi, ayon sa kanilang
mga angkan, ayon sa mga sangbahayan ng kanilang mga
magulang, ayon sa bilang ng mga pangalan, sangayon sa
dami ng kanilang mga ulo, bawa't lalake mula sa dalawang
pung taong gulang na patanda, lahat ng makalalabas sa
pakikibaka; **21** Ay nangabilang sa kanila, sa lipi ni Ruben,
ay apat na pu't anim na libo at limang daan. **22** Sa mga
anak ni Simeon, ang kanilang mga lahi, ayon sa kanilang
mga angkan, ayon sa mga sangbahayan ng kanilang mga
magulang, ay nangabilang sa kanila, ayon sa bilang ng
mga pangalan, sangayon sa dami ng mga ulo nila, bawa't
lalaking mula sa dalawang pung taong gulang na patanda,
lahat ng makalalabas sa pakikibaka; **23** Ay nangabilang
sa kanila, sa lipi ni Simeon, ay limang pu't siyam na libo
at tatlong daan. **24** Sa mga anak ni Gad, ang kanilang
mga lahi, ayon sa kanilang mga angkan, ayon sa mga
sangbahayan ng kanilang mga magulang, ayon sa bilang ng
mga pangalan, na mula sa dalawang pung taong gulang
na patanda, lahat ng makalalabas sa pakikibaka, **25** Ay
nangabilang sa kanila, sa lipi ni Gad, ay apat na pu't limang
libo at anim na raan at limang pu. **26** Sa mga anak ni Juda,
ang kanilang mga lahi, ayon sa kanilang mga angkan, ayon
sa mga sangbahayan ng kanilang mga magulang, ayon sa
bilang ng mga pangalan, na mula sa dalawang pung taong
gulang na patanda, lahat ng makalalabas sa pakikibaka;
**27** Ay nangabilang sa kanila, sa lipi ni Juda, ay pitong pu't
apat na libo at anim na raan. **28** Sa mga anak ni Issachar,
ang kanilang mga lahi, ayon sa kanilang mga angkan, ayon
sa mga sangbahayan ng kanilang mga magulang, ayon sa
bilang ng mga pangalan, na mula sa dalawang pung taong
gulang na patanda, lahat ng makalalabas sa pakikibaka; **29**
Ay nangabilang sa kanila, sa lipi ni Issachar, ay limang pu't
apat na libo at apat na raan. **30** Sa mga anak ni Zabulon,
ang kanilang mga lahi, ayon sa kanilang mga angkan, ayon
sa mga sangbahayan ng kanilang mga magulang, ayon sa
bilang ng mga pangalan, na mula sa dalawang pung taong
gulang na patanda, lahat ng makalalabas sa pakikibaka;
**31** Ay nangabilang sa kanila, sa lipi ni Zabulon, ay limang
pu't pitong libo at apat na raan. **32** Sa mga anak ni Jose,
sa mga anak ni Ephraim, ang kanilang mga lahi, ayon
sa kanilang mga angkan, ayon sa mga sangbahayan ng
kanilang mga magulang, ayon sa bilang ng mga pangalan,
na mula sa dalawang pung taong gulang na patanda, lahat
ng makalalabas sa pakikibaka; **33** Ay nangabilang sa kanila
sa lipi ni Ephraim, ay apat na pung libo at limang daan. **34**
Sa mga anak ni Manases, ang kanilang mga lahi, ayon
sa kanilang mga angkan, ayon sa mga sangbahayan ng
kanilang mga magulang, ayon sa bilang ng mga pangalan,
na mula sa dalawang pung taong gulang na patanda, lahat
ng makalalabas sa pakikibaka; **35** Ay nangabilang sa kanila,
sa lipi ni Manases, ay tatlong pu't dalawang libo at dalawang
daan. **36** Sa mga anak ni Benjamin, ang kanilang mga lahi,
ayon sa kanilang mga angkan, ayon sa mga sangbahayan ng
kanilang mga magulang, ayon sa bilang ng mga pangalan,
na mula sa dalawang pung taong gulang na patanda, lahat
ng makalalabas sa pakikibaka; **37** Ay nangabilang sa kanila,
sa lipi ni Benjamin, ay tatlong pu't limang libo at apat na
raan. **38** Sa mga anak ni Dan, ang kanilang mga lahi, ayon
sa kanilang mga angkan, ayon sa mga sangbahayan ng

kanilang mga magulang, ayon sa bilang ng mga pangalan,
na mula sa dalawang pung taong gulang na patanda, lahat
ng makalalabas sa pakikibaka; **39** Ay nangabilang sa kanila,
sa lipi ni Dan, ay anim na pu't dalawang libo at pitong
daan. **40** Sa mga anak ni Aser, ang kanilang mga lahi, ayon
sa kanilang mga angkan, ayon sa mga sangbahayan ng
kanilang mga magulang, ayon sa bilang ng mga pangalan,
na mula sa dalawang pung taong gulang na patanda, lahat
ng makalalabas sa pakikibaka; **41** Ay nangabilang sa kanila,
sa lipi ni Aser, ay apat na pu't isang libo at limang daan.
**42** Sa mga anak ni Nephtali, ang kanilang mga lahi, ayon
sa kanilang mga angkan, ayon sa mga sangbahayan ng
kanilang mga magulang, ayon sa bilang ng mga pangalan,
na mula sa dalawang pung taong gulang na patanda, lahat
ng makalalabas sa pakikibaka; **43** Ay nangabilang sa kanila,
sa lipi ni Nephtali, ay limang pu't tatlong libo at apat na raan.
**44** Ito ang nangabilang na binilang ni Moises at ni Aaron
at ng labing dalawang lalake, na mga pangulo sa Israel:
na bawa't isa sa kanila'y sa sangbahayan ng kanikaniyang
mga magulang. **45** Kaya't lahat ng nangabilang sa mga
anak ni Israel, ayon sa mga sangbahayan ng kanilang mga
magulang, na mula sa dalawang pung taong gulang na
patanda, lahat ng sa Israel ay makalalabas sa pakikibaka:
**46** Lahat ng nangabilang ay anim na raan at tatlong libo at
limang daan at limang pu. **47** Datapuwa't ang mga Levita
ayon sa lipi ng kanilang mga magulang ay hindi ibinilang sa
kanila. **48** Sapagka't sinalita ng Panginoon kay Moises, na
sinasabi, **49** Ang lipi lamang ni Levi ang hindi mo bibilangin,
ni di mo ilalahok ang bilang nila sa mga anak ni Israel: **50**
Kundi ipamamahala mo sa mga Levita ang tabernakulo ng
patotoo, at ang lahat ng kasangkapan niyaon, at ang lahat
ng nauukol doon; kanilang dadalhin ang tabernakulo, at ang
lahat ng kasangkapan niyaon; at kanilang pangangasiwaan
at sila'y hahantong sa palibot ng tabernakulo. **51** At pagka
ililipat ang tabernakulo ay pagtatanggaltanggalin ng mga
Levita: at pagka itatayo ang tabernakulo ay paguugnay-
ugnayin ng mga Levita: at ang taga ibang bayan na lumapit
ay papatayin. **52** At ang mga anak ni Israel ay magtatayo ng
kanilang mga tolda, na bawa't lalake ay sa kaniyang sariling
kampamento at bawa't lalake ay sa siping ng kaniyang
sariling watawat ayon sa kanilang mga hukbo. **53** Datapuwa't
ang mga Levita ay magsisitayo sa palibot ng tabernakulo
ng patotoo, upang huwag magtaglay ng galit sa kapisanan
ng mga anak ni Israel: at ang mga Levita ay mamahala ng
tabernakulo ng patotoo. **54** Gayon ginawa ng mga anak ni
Israel; ayon sa lahat na iniutos ng Panginoon kay Moises, ay
gayon nila ginawa.

**2** At sinalita ng Panginoon kay Moises at kay Aaron, na
sinasabi, **2** Ang mga anak ni Israel ay magsisitayo bawa't
lalake sa siping ng kaniyang sariling watawat, na may
tanda ng mga sangbahayan ng kaniyang mga magulang:
sa tapat ng tabernakulo ng kapisanan ay tatayo sila sa
palibot. **3** At yaong tatayo sa dakong silanganan, sa dakong
sinisikatan ng araw, ay ang mga sa watawat ng kampamento
ng Juda, ayon sa kanilang mga hukbo: at ang magiging
prinsipe sa mga anak ni Juda ay si Naason na anak ni
Aminadab. **4** At ang kaniyang hukbo, at yaong nangabilang
sa kanila ay pitong pu't apat na libo at anim na raan. **5** At
yaong magsisitayo sa siping niya ay ang lipi ni Issachar:
at ang magiging prinsipe sa mga anak ni Issachar ay si
Nathanael na anak ni Suar. **6** At ang kaniyang hukbo, at ang
nangabilang niyaon ay limang pu't apat na libo at apat na
raan. **7** At ang lipi ni Zabulon: at ang magiging prinsipe sa
mga anak ni Zabulon, ay si Eliab na anak ni Helon: **8** At
ang kaniyang hukbo, at ang nangabilang niyaon, ay limang
pu't pitong libo at apat na raan. **9** Lahat ng nangabilang
sa kampamento ng Juda ay isang daan at walong pu't
anim na libo at apat na raan, ayon sa kanilang mga hukbo.
Sila ang unang magsisisulong. **10** Sa dakong timugan, ay
malalagay ang watawat ng kampamento ng Ruben, ayon
sa kanilang mga hukbo: at ang magiging prinsipe ng mga
anak ni Ruben, ay si Elisur na anak ni Sedeur. **11** At ang
kaniyang hukbo at ang nangabilang niyaon, ay apat na pu't
anim na libo at limang daan. **12** At yaong tatayo sa siping
niya ay ang lipi ni Simeon: at ang magiging prinsipe sa mga
anak ni Simeon ay si Selumiel na anak ni Zurisaddai. **13** At
ang kaniyang hukbo at yaong nangabilang sa kanila, ay
limang pu't siyam na libo at tatlong daan: **14** At ang lipi ni
Gad: at ang magiging prinsipe sa mga anak ni Gad ay si
Eliasaph na anak ni Rehuel: **15** At ang kaniyang hukbo, at
yaong nangabilang sa kanila, ay apat na pu't limang libo
at anim na raan at limang pu. **16** Lahat ng nangabilang sa
kampamento ng Ruben ay isang daan at limang pu't isang
libo at apat na raan at limang pu, ayon sa kanilang mga
hukbo. At sila ang pangalawang magsisisulong. **17** Kung
magkagayon, ang tabernakulo ng kapisanan ay susulong na
kaakbay ng kampamento ng mga Levita sa gitna ng mga
kampamento: ayon sa kanilang pagkahantong, ay gayon sila
magsisisulong, na bawa't lalake ay sa kanikaniyang sariling
dako, sa siping ng kanilang mga watawat. **18** Sa dakong
kalunuran ay malalagay ang watawat ng kampamento ng
Ephraim, ayon sa kanilang mga hukbo: at ang magiging
prinsipe sa mga anak ni Ephraim ay si Elisama na anak ni
Ammiud. **19** At ang kaniyang hukbo, at yaong nangabilang
sa kanila ay apat na pung libo at limang daan. **20** At sa siping
niya ay malalagay ang lipi ni Manases at ang magiging
prinsipe sa mga anak ni Manases ay si Gamaliel na anak ni
Pedasur. **21** At ang kaniyang hukbo, at yaong nangabilang

sa kanila ay tatlong pu't dalawang libo at dalawang daan: 22
At ang lipi ni Benjamin: at ang magiging prinsipe sa mga
anak ni Benjamin, ay si Abidan na anak ni Gedeon. 23 At
ang kaniyang hukbo, at yaong nangabilang sa kanila, ay
tatlong pu't limang libo at apat na raan. 24 Yaong lahat na
nangabilang sa kampamento ng Ephraim ay isang daan at
walong libo at isang daan, ayon sa kanilang mga hukbo. At
sila ang pangatlong magsisisulong. 25 Sa dakong hilagaan
ay malalagay ang watawat ng kampamento ng Dan, ayon sa
kanilang mga hukbo: at ang magiging prinsipe sa mga anak
ni Dan, ay si Ahiezer na anak ni Ammisaddai. 26 At ang
kanilang hukbo, at yaong nangabilang sa kanila ay anim na
pu't dalawang libo at pitong daan. 27 At yaong hahantong sa
siping niya ay ang lipi ni Aser: at ang magiging prinsipe sa
mga anak ni Aser ay si Phegiel na anak ni Ocran: 28 At ang
kaniyang hukbo, at yaong nangabilang sa kanila ay apat na
pu't isang libo at limang daan. 29 At ang lipi ni Nephtali:
at ang magiging prinsipe sa mga anak ni Nephtali ay si
Ahira na anak ni Enan. 30 At ang kaniyang hukbo at yaong
nangabilang sa kanila ay limang pu't tatlong libo at apat na
raan. 31 Yaong lahat na nangabilang sa kampamento ng
Dan, ay isang daan at limang pu't pitong libo at anim na
raan. Sila ang magsisisulong na huli, ayon sa kanilang mga
watawat. 32 Ito ang nangabilang sa mga anak ni Israel, ayon
sa mga sangbahayan ng kanilang mga magulang: yaong
lahat na nangabilang sa mga kampamento, ayon sa kanilang
mga hukbo, ay anim na raan at tatlong libo at limang daan at
limang pu. 33 Datapuwa't ang mga Levita ay hindi ibinilang
sa mga anak ni Israel: gaya ng iniutos ng Panginoon kay
Moises. 34 Gayon ginawa ng mga anak ni Israel; ayon sa
lahat ng iniutos ng Panginoon kay Moises ay gayon sila
humantong sa siping ng kanilang mga watawat, at gayon sila
nagsisulong, na bawa't isa'y ayon sa kanilang mga angkan,
ayon sa mga sangbahayan ng kanilang mga magulang.

**3** At ito ang mga lahi ni Aaron at ni Moises, nang araw
na magsalita ang Panginoon kay Moises sa bundok
ng Sinai. 2 At ito ang mga pangalan ng mga anak ni
Aaron: si Nadab ang panganay, at si Abiu, si Eleazar, at si
Ithamar. 3 Ito ang mga pangalan ng mga anak ni Aaron, na
mga saserdote na pinahiran ng langis, na itinalaga upang
mangasiwa sa katungkulang saserdote. 4 At si Nadab at si
Abiu ay nangamatay sa harap ng Panginoon, nang sila'y
maghandog ng ibang apoy sa harap ng Panginoon, sa
ilang ng Sinai, at sila'y hindi nagkaanak: at si Eleazar at
si Ithamar ay nangasiwa sa katungkulang saserdote sa
harap ni Aaron na kanilang ama. 5 At sinalita ng Panginoon
kay Moises, na sinasabi, 6 Ilapit mo ang lipi ni Levi, at
ilagay mo sila sa harap ni Aaron na saserdote, upang
pangasiwaan nila siya. 7 At kanilang gaganapin ang kaniyang
katungkulan, at ang katungkulan ng buong kapisanan sa
harap ng tabernakulo ng kapisanan upang isagawa ang
paglilingkod sa tabernakulo. 8 At kanilang iingatan ang
lahat ng kasangkapan ng tabernakulo ng kapisanan at ang
katungkulan ng mga anak ni Israel upang isagawa ang
paglilingkod sa tabernakulo. 9 At iyong ibibigay ang mga
Levita kay Aaron at sa kaniyang mga anak: sila'y tunay
na ibinigay sa kaniya sa ganang mga anak ni Israel. 10
At iyong ihahalal si Aaron at ang kaniyang mga anak, at
kanilang gaganapin ang kanilang pagkasaserdote: at ang
taga ibang bayan na lumapit ay papatayin. 11 At sinalita
ng Panginoon kay Moises, na sinasabi, 12 At tungkol sa
akin, narito, aking kinuha ang mga Levita sa gitna ng mga
anak ni Israel sa halip ng mga panganay na nagbubukas ng
bahay-bata sa mga anak ni Israel: at ang mga Levita ay
magiging akin: 13 Sapagka't lahat ng mga panganay ay sa
akin; sapagka't nang araw na aking lipulin ang lahat ng mga
panganay sa lupain ng Egipto ay aking pinapagingbanal sa
akin, ang lahat ng mga panganay sa Israel, maging tao at
maging hayop: sila'y magiging akin; ako ang Panginoon. 14
At sinalita ng Panginoon kay Moises sa ilang ng Sinai, na
sinasabi, 15 Bilangin mo ang mga anak ni Levi, ayon sa mga
sangbahayan ng kanilang mga magulang, ayon sa kanilang
mga angkan: bawa't lalake na mula sa isang buwang gulang
na patanda ay bibilangin mo. 16 At sila'y binilang ni Moises
ayon sa salita ng Panginoon, gaya ng iniutos sa kaniya. 17
At ito ang mga naging anak ni Levi ayon sa kanilang mga
pangalan: si Gerson, at si Coath, at si Merari. 18 At ito ang
mga pangalan ng mga anak ni Gerson ayon sa kanilang mga
angkan: si Libni at si Simei. 19 At ang mga anak ni Coath
ayon sa kanilang mga angkan, ay si Amram, at si Izhar, si
Hebron, at si Uzziel. 20 At ang mga anak ni Merari ayon
sa kanilang mga angkan; ay si Mahali at si Musi. Ito ang
mga angkan ng mga Levita ayon sa mga sangbahayan ng
kanilang mga magulang. 21 Kay Gerson galing ang angkan
ng mga Libnita, at ang angkan ng mga Simeita: ito ang
mga angkan ng mga Gersonita. 22 Yaong nangabilang sa
kanila, ayon sa bilang ng lahat ng mga lalake, mula sa isang
buwang gulang na patanda, ay pitong libo at limang daan
ang nangabilang sa kanila. 23 Ang mga angkan ng mga
Gersonita ay hahantong sa likuran ng tabernakulo sa dakong
kalunuran. 24 At ang magiging prinsipe sa sangbahayan ng
mga magulang ng mga Gersonita ay si Eliasaph na anak
ni Lael. 25 At ang magiging katungkulan ng mga anak ni
Gerson sa tabernakulo ng kapisanan ay ang tabernakulo,
at ang Tolda, ang takip niyaon at ang tabing sa pintuan
ng tabernakulo ng kapisanan, 26 At ang mga tabing ng
looban at ang tabing sa pintuan ng looban na nasa palibot
ng tabernakulo at sa palibot ng dambana, at ang mga tali

niyaon na naukol sa buong paglilingkod doon. 27 At kay
Coath ang angkan ng mga Amramita at ang angkan ng mga
Izharita, at ang angkan ng mga Hebronita, at ang angkan ng
mga Uzzielita: ito ang mga angkan ng mga Coathita. 28 Ayon
sa bilang ng lahat na mga lalake, mula sa isang buwang
gulang na patanda, ay may walong libo at anim na raang
nangamamahala ng katungkulan sa santuario. 29 Ang mga
angkan ng mga anak ni Coath ay magsisihantong sa tagiliran
ng tabernakulo, sa dakong timugan. 30 At ang magiging
prinsipe sa sangbahayan ng mga magulang ng mga angkan
ng mga Coathita ay si Elisaphan na anak ni Uzziel. 31
At ang magiging katungkulan nila ay ang kaban, at ang
dulang, at ang kandelero, at ang mga dambana, at ang mga
kasangkapan ng santuario na kanilang pinangangasiwaan,
at ang tabing at ang lahat ng paglilingkod doon. 32 At si
Eleazar na anak ni Aaron na saserdote ay siyang magiging
prinsipe ng mga prinsipe ng mga Levita at mamamahala
sa mga may katungkulan sa santuario. 33 Kay Merari ang
angkan ng mga Mahalita at angkan ng mga Musita: ito
ang mga angkan ni Merari. 34 At yaong nangabilang sa
kanila, ayon sa bilang ng lahat na mga lalake, mula sa isang
buwang gulang na patanda, ay anim na libo at dalawang
daan. 35 At ang magiging prinsipe sa sangbahayan ng mga
magulang ng mga angkan ni Merari ay si Suriel na anak ni
Abihail: sila'y magsisihantong sa tagiliran ng tabernakulo sa
dakong hilagaan. 36 At ang magiging katungkulan ng mga
anak ni Merari, ay ang mga tabla ng tabernakulo, at ang
mga barakilan, at ang mga haligi, at ang mga tungtungan, at
ang lahat ng kasangkapan, at lahat ng paglilingkod doon;
37 At ang mga haligi sa palibot ng looban, at ang mga
tungtungan, at ang mga tulos, at ang mga tali ng mga yaon.
38 At yaong lahat na hahantong sa harap ng tabernakulo sa
dakong silanganan, sa harap ng tabernakulo ng kapisanan,
sa dakong sinisikatan ng araw, ay si Moises, at si Aaron, at
ang kaniyang mga anak na mamamahala ng katungkulan
sa santuario, upang ganapin ang pamamahala ng mga
anak ni Israel: at ang taga ibang bayan na lumapit ay
papatayin. 39 Yaong lahat na nangabilang sa mga Levita na
binilang ni Moises at ni Aaron sa utos ng Panginoon ayon sa
kanilang mga angkan, lahat ng lalake mula sa isang buwang
gulang na patanda, ay dalawang pu't dalawang libo. 40 At
sinabi ng Panginoon kay Moises, Bilangin mo ang lahat
ng mga lalaking panganay sa mga anak ni Israel mula sa
isang buwang gulang na patanda, at iguhit mo ang bilang
ng kanilang mga pangalan. 41 At iuukol mo sa akin ang
mga Levita (ako ang Panginoon) sa halip ng lahat ng mga
panganay sa mga anak ni Israel; at ang mga hayop ng mga
Levita sa halip ng lahat ng mga panganay sa mga hayop ng
mga anak ni Israel. 42 At binilang ni Moises, gaya ng iniutos
sa kaniya ng Panginoon, ang lahat ng mga panganay sa mga
anak ni Israel. 43 At lahat ng mga panganay na lalake ayon
sa bilang ng mga pangalan, mula sa isang buwang gulang
na patanda, doon sa nangabilang sa kanila, ay dalawang
pu't dalawang libo at dalawang daan at pitong pu't tatlo. 44
At sinalita ng Panginoon kay Moises, na sinasabi, 45 Kunin
mo ang mga Levita sa halip ng lahat na mga panganay
sa mga anak ni Israel, at ang mga hayop ng mga Levita
sa halip ng kanilang mga hayop: at ang mga Levita ay
magiging akin; ako ang Panginoon. 46 At sa ikatutubos sa
dalawang daan at pitong pu't tatlong panganay ng mga anak
ni Israel na higit sa bilang ng mga Levita, 47 Ay kukuha ka
ng limang siklo sa bawa't isa ayon sa ulo; ayon sa siklo ng
santuario kukunin mo (isang siklo ay dalawang pung gera):
48 At ibibigay mo kay Aaron at sa kaniyang mga anak ang
salaping ikatutubos na humigit sa bilang nila. 49 At kinuha ni
Moises ang salaping pangtubos sa mga labis na humigit sa
mga natubos ng mga Levita: 50 Mula sa mga panganay
ng mga anak ni Israel kinuha niya ang salapi; isang libo
at tatlong daan at anim na pu't limang siklo, ayon sa siklo
ng santuario: 51 At ibinigay ni Moises kay Aaron at sa
kaniyang mga anak ang salaping pangtubos ayon sa salita
ng Panginoon, gaya ng iniutos ng Panginoon kay Moises.

4 At sinalita ng Panginoon kay Moises at kay Aaron, na
sinasabi, 2 Ayusin ninyo ang bilang ng mga anak ni Coath,
sa gitna ng mga anak ni Levi, ayon sa kanilang mga angkan,
ayon sa mga sangbahayan ng kanilang mga magulang. 3
Mula sa tatlong pung taong gulang hanggang sa limang
pung taong gulang, lahat ng pumapasok sa paglilingkod,
upang gumawa ng gawain sa tabernakulo ng kapisanan. 4
Ito ang paglilingkod ng mga anak ni Coath sa tabernakulo ng
kapisanan, sa mga bagay na kabanalbanalan: 5 Pagka ang
kampamento ay isusulong, ay papasok si Aaron sa loob, at
ang kaniyang mga anak, at kanilang ibababa ang lambong
ng tabing, at kanilang tatakpan niyaon ang kaban ng patotoo:
6 At kanilang ilalagay sa ibabaw ang isang takip na balat
ng foka at kanilang lalatagan ang ibabaw ng isang kayong
taganas na bughaw, at kanilang ilalagay ang mga pingga
niyaon. 7 At sa ibabaw ng dulang ng tinapay na handog ay
maglalatag sila ng isang kayong bughaw, at kanilang ilalagay
sa ibabaw nito ang mga pinggan, at ang mga sandok, at
ang mga mangkok, at ang mga tasa upang buhusan; at ang
namamalaging tinapay ay malalagay sa ibabaw niyaon. 8 At
kanilang lalatagan ang ibabaw ng mga yaon ng kayong pula,
at kanilang tatakpan ito ng isang panakip na balat ng foka,
at kanilang ilalagay ang mga pingga. 9 At kukuha sila ng
isang kayong bughaw at kanilang tatakpan ang kandelerong
pangtanglaw at ang mga ilawan, at ang mga gunting, at ang
mga pinggan, at ang lahat ng sisidlan ng langis niyaon, na

kanilang pinangangasiwaan: 10 At kanilang ilalagay, pati
ang lahat ng kasangkapan niyaon sa loob ng isang takip
na balat ng foka, at kanilang ilalagay sa ibabaw ng isang
patungan. 11 At ang ibabaw ng dambanang ginto ay kanilang
lalatagan ng isang kayong bughaw, at kanilang tatakpan ng
isang panakip na balat ng foka, at kanilang ilalagay ang mga
pingga niyaon: 12 At kanilang kukunin ang lahat ng mga
kasangkapan na ukol sa pangangasiwa na ipinangangasiwa
nila sa santuario, at kanilang ilalagay sa isang kayong
bughaw, at kanilang tatakpan ng isang panakip na balat
ng foka, at kanilang ipapatong sa patungan. 13 At kanilang
aalisin ang mga abo sa dambana at kanilang lalatagan ng
isang kayong kulay ube. 14 At kanilang ipapatong doon ang
lahat ng mga kasangkapan na kanilang ipinangangasiwa
sa palibot ng dambana, ang suuban at ang mga pangipit,
at ang mga pala at ang mga mangkok, lahat ng mga
kasangkapan ng dambana; at kanilang lalatagan ng isang
panakip na balat ng foka, at kanilang ilalagay ang mga
pingga niyaon. 15 At pagka si Aaron at ang kaniyang mga
anak ay nakatapos na makapagtakip sa santuario at sa
buong kasangkapan ng santuario, kailan ma't isusulong ang
kampamento: ay magsisilapit pagkatapos ang mga anak
ni Koath upang kanilang buhatin yaon: datapuwa't huwag
silang hihipo sa santuario, baka sila'y mamatay. Ang mga
bagay na ito ay siyang pasanin ng mga anak ni Coath sa
tabernakulo ng kapisanan. 16 At ang magiging katungkulan
ni Eleazar na anak ni Aaron na saserdote, ay ang langis
sa ilawan, at ang mabangong kamangyan, at ang palaging
handog na harina, at ang langis na pang-pahid, at ang
pagiingat ng buong tabernakulo at ng lahat na nandoon, ang
santuario at ang mga kasangkapan niyaon. 17 At sinalita
ng Panginoon kay Moises at kay Aaron, na sinasabi, 18
Huwag ninyong ihiwalay ang lipi ng mga angkan ng mga
Coathita sa gitna ng mga Levita. 19 Kundi gawin ninyo sa
kanila ang ganito, upang sila'y mabuhay at huwag mamatay,
paglapit nila sa mga kabanalbanalang bagay: si Aaron at
ang kaniyang mga anak ay paparoon at ituturo sa bawa't
isa ang kanikaniyang paglilingkod at ang kanikaniyang
pasanin: 20 Nguni't sila'y huwag magsisipasok upang tingnan
ang santuario kahit sandali man, baka sila'y mamatay.
21 At sinalita ng Panginoon kay Moises, na sinasabi, 22
Aayusin mo rin ang bilang ng mga anak ni Gerson, ayon
sa mga sangbahayan ng kanilang mga magulang ayon sa
kanilang mga angkan; 23 Mula sa tatlong pung taong gulang
hanggang sa limang pung taong gulang ay bibilangin mo sila;
yaong lahat na pumapasok na nangangasiwa sa paglilingkod
upang gawin ang gawain sa tabernakulo ng kapisanan. 24
Ito ang paglilingkod ng mga angkan ng mga Gersonita, sa
paglilingkod at sa pagdadala ng mga pasanin: 25 Dadalhin
nila ang mga tabing ng tabernakulo, at ang tabernakulo
ng kapisanan, ang takip niyaon, at ang panakip na balat
ng foka na nasa ibabaw nito, at ang tabing sa pintuan ng
tabernakulo ng kapisanan; 26 At ang mga tabing sa looban,
at ang tabing sa pintuang-daan ng looban na nasa siping ng
tabernakulo, at ng dambana, at ang mga tali ng mga yaon,
at ang lahat ng kasangkapan sa kanilang paglilingkod at
ang lahat na marapat na gawin sa mga yaon ay kanilang
ipaglilingkod. 27 Mapapasa kapangyarihan ni Aaron at ng
kaniyang mga anak ang buong paglilingkod ng mga anak
ng mga Gersonita sa buong kanilang pasanin, at sa buong
kanilang paglilingkod: at inyong ituturo sa kanila ang mga
nauukol sa kanilang buong pasanin. 28 Ito ang paglilingkod
ng mga angkan ng mga Gersonita sa tabernakulo ng
kapisanan: at ang katungkulan nila ay mapapasa ilalim ng
pamamahala ni Ithamar na anak ni Aaron na saserdote. 29
Tungkol sa mga anak ni Merari, ay bibilangin mo sila ayon
sa kanilang mga angkan, ayon sa mga sangbahayan ng
kanilang mga magulang; 30 Mula sa tatlong pung taong
gulang na patanda hanggang sa limang pung taong gulang
ay iyong bibilangin sila, lahat na pumapasok sa paglilingkod,
upang gawin ang gawain sa tabernakulo ng kapisanan. 31
At ito ang katungkulan sa kanilang pasanin ayon sa buong
paglilingkod nila sa tabernakulo ng kapisanan: ang mga
tabla ng tabernakulo, at ang mga barakilan, at ang mga
haligi, at ang mga tungtungan; 32 At ang mga haligi sa
palibot ng looban, at ang mga tungtungan, at ang mga
tulos, at ang mga tali pati ng lahat ng kasangkapan at
ng buong paglilingkod: at ayon sa pangalan, ay ituturo
mo sa kanila ang mga kasangkapan na katungkulan sa
kanilang pasanin. 33 Ito ang paglilingkod ng mga angkan
ng mga anak ni Merari ayon sa buong paglilingkod nila
sa tabernakulo ng kapisanan, sa ilalim ng pamamahala ni
Ithamar na anak ni Aaron na saserdote. 34 At binilang ni
Moises at ni Aaron, at ng mga prinsipe ng kapisanan ang
mga anak ng mga Coathita ayon sa kanilang mga angkan, at
ayon sa mga sangbahayan ng kanilang mga magulang, 35
Mula sa tatlong pung taong gulang na patanda hanggang sa
limang pung taong gulang, ang bawa't isa na pumapasok sa
paglilingkod, upang gumawa sa tabernakulo ng kapisanan;
36 At yaong nangabilang sa kanila ayon sa kanilang mga
angkan, ay dalawang libo at pitong daan at limangpu. 37
Ito ang nangabilang sa mga angkan ng mga Coathita,
lahat ng nagsisipaglingkod sa tabernakulo ng kapisanan na
binilang ni Moises at ni Aaron, ayon sa utos ng Panginoon
sa pamamagitan ni Moises. 38 At yaong nangabilang sa
mga anak ni Gerson, ang kanilang mga angkan, at ayon
sa mga sangbahayan ng kanilang mga magulang, 39 Mula
sa tatlong pung taong gulang na patanda hanggang sa

limang pung taong gulang, bawa't isa na pumapasok sa
paglilingkod upang gumawa sa tabernakulo ng kapisanan.
40 Sa makatuwid baga'y ang nangabilang sa kanila, ayon
sa kanilang mga angkan, ayon sa mga sangbahayan ng
kanilang mga magulang, ay dalawang libo at anim na raan
at tatlong pu. 41 Ito ang nangabilang sa mga angkan ng
mga anak ni Gerson, sa lahat ng naglingkod sa tabernakulo
ng kapisanan, na binilang ni Moises at ni Aaron, ayon sa
utos ng Panginoon. 42 At ang nangabilang sa mga angkan
ng mga anak ni Merari ayon sa kanilang mga angkan, ayon
sa mga sangbahayan ng kanilang mga magulang. 43 Mula
sa tatlong pung taong gulang na patanda hanggang sa
limang pung taong gulang, bawa't isa na pumapasok sa
paglilingkod, upang gumawa sa tabernakulo ng kapisanan,
44 Sa makatuwid baga'y yaong lahat na nangabilang sa
kanila ayon sa kanilang mga angkan, ay tatlong libo at
dalawang daan. 45 Ito ang nangabilang sa mga angkan ng
mga anak ni Merari na binilang ni Moises at ni Aaron, ayon
sa utos ng Panginoon sa pamamagitan ni Moises. 46 Yaong
lahat na nangabilang sa mga Levita, na binilang ni Moises
at ni Aaron at ng mga prinsipe sa Israel, ayon sa kanilang
mga angkan, at ayon sa mga sangbahayan ng kanilang
mga magulang, 47 Mula sa tatlong pung taong gulang na
patanda hanggang sa limang pung taong gulang, bawa't isa
na pumapasok upang gumawa ng gawang paglilingkod, at
ng gawang pagdadala ng mga pasanin sa tabernakulo ng
kapisanan, 48 Sa makatuwid baga'y yaong nangabilang sa
kanila, ay walong libo at limang daan at walong pu. 49 Ayon
sa utos ng Panginoon ay nangabilang sa pamamagitan ni
Moises, bawa't isa ayon sa kaniyang paglilingkod, at ayon sa
kaniyang pasanin: ganito niya binilang sila gaya ng iniutos
ng Panginoon kay Moises.

**5** At sinalita ng Panginoon kay Moises, na sinasabi, 2
Iutos mo sa mga anak ni Israel na ilabas sa kampamento
ang bawa't may ketong, at bawa't inaagasan, at ang
sinomang karumaldumal sa pagkahipo sa patay: 3 Lalake at
babae ay kapuwa ninyo ilalabas, sa labas ng kampamento
ilalagay ninyo sila; upang huwag nilang ihawa ang kanilang
kampamento na aking tinatahanan sa gitna. 4 At ginawang
gayon ng mga anak ni Israel, at inilabas sa labas ng
kampamento: kung paanong sinalita ng Panginoon kay
Moises ay gayon ginawa ng mga anak ni Israel. 5 At sinalita
ng Panginoon kay Moises, na sinasabi, 6 Salitain mo sa
mga anak ni Israel, Pagka ang isang lalake o babae ay
nakagawa ng anomang kasalanan na nagagawa ng mga tao,
na sumasalangsang laban sa Panginoon at ang gayong tao
ay naging salarin; 7 Ay kaniyang isusulit nga ang kaniyang
kasalanang nagawa: at kaniyang pagbabayarang lubos ang
kaniyang sala, at dadagdagan pa niya ng ikalimang bahagi
at ibibigay sa pinagkasalahan. 8 Datapuwa't kung ang lalake
ay walang kamaganak na mapagbabayaran ng sala, ay
mapapasa saserdote ang kabayaran ng sala na handog
sa Panginoon, bukod sa tupang lalaking pinakatubos na
ipangtutubos sa kaniya. 9 At ang bawa't handog na itinaas sa
lahat ng bagay na banal ng mga anak ni Israel, na kanilang
ihaharap sa saserdote ay magiging kaniya. 10 At ang mga
bagay na banal ng bawa't lalake ay magiging kaniya: ang
ibigay ng sinomang tao sa saserdote ay magiging kaniya. 11
At sinalita ng Panginoon kay Moises, na sinasabi, 12 Salitain
mo sa mga anak ni Israel, at sabihin mo sa kanila, Kung ang
asawa ng sinomang lalake ay malilisya, at sasalangsang
sa kaniya, 13 At ang ibang lalake ay sisiping sa kaniya,
at ito'y makukubli sa mga mata ng kaniyang asawa at
ang bagay ay malilihim, at ang babae ay madudumhan
at walang saksi laban sa kaniya, o hindi man matututop
siya sa pagkakasala; 14 At ang diwa ng paninibugho ay
sasakaniya, at siya'y maninibugho sa kaniyang asawa
at siya'y madudumhan: o kung sasakaniya ang diwa ng
paninibugho at siya'y maninibugho sa kaniyang asawa, at
ito'y hindi madudumhan: 15 Ay dadalhin nga ng lalake sa
saserdote ang kaniyang asawa, at ipagdadala ng alay ng
babae ng ikasangpung bahagi ng isang epa ng harina ng
sebada: hindi niya bubuhusan ng langis o lalagyan man
ng kamangyan; sapagka't handog na harina tungkol sa
paninibugho, handog na harinang alaala na nagpapaalaala
ng kasalanan. 16 At ilalapit ng saserdote ang babae, at
pahaharapin sa Panginoon: 17 At ang saserdote ay kukuha
ng banal na tubig sa isang sisidlang lupa: at sa alabok na
nasa lapag ng tabernakulo ay dadampot ang saserdote, at
ilalagay sa tubig: 18 At pahaharapin ng saserdote ang babae
sa Panginoon, at ipalulugay ang buhok ng babae, at ilalagay
ang handog na harina na alaala sa kaniyang mga kamay, na
handog na harina tungkol sa paninibugho: at tatangnan ng
saserdote sa kamay ang mapapait na tubig na nagbubugso
ng sumpa: 19 At siya'y papanunumpain ng saserdote, at
sasabihin sa babae, Kung walang sumiping sa iyo na ibang
lalake, at kung di ka nalisya sa karumihan, sa isang hindi
mo asawa, ay maligtas ka nga sa mapapait na tubig na ito
na nagbubugso ng sumpa: 20 Datapuwa't kung ikaw ay
tunay na nalisya sa iba na di mo asawa, at kung ikaw ay
nadumhan, at ibang lalake ay sumiping sa iyo, bukod sa
iyong asawa: 21 Ay panunumpain nga ng saserdote ang
babae ng panunumpang sumpa, at sasabihin ng saserdote
sa babae, Ilagay ka ng Panginoon na pinakasumpa at
pinakapula sa gitna ng iyong bayan, kung papanglumuhin ng
Panginoon ang iyong hita at pamagain ang iyong tiyan; 22 At
ang tubig na ito na nagbubugso ng sumpa ay tatalab sa iyong
tiyan, at ang iyong katawan ay pamamagain at ang iyong hita

ay panglulumuhin. At ang babae ay magsasabi, Siya nawa,
Siya nawa. 23 At isusulat ng saserdote ang mga sumpang
ito sa isang aklat, at kaniyang buburahin sa mapait na tubig:
24 At kaniyang ipaiinom sa babae ang mapait na tubig ng
nagbubugso ng sumpa at tatalab sa kaniya ang tubig na
nagbubugso ng sumpa, at magiging mapait. 25 At kukunin
ng saserdote sa kamay ng babae ang handog na harina
tungkol sa paninibugho at kaniyang aalugin ang handog na
harina sa harap ng Panginoon, at dadalhin sa dambana: 26
At ang saserdote ay kukuha ng isang dakot ng handog na
harina na pinakaalaala niyaon at susunugin sa ibabaw ng
dambana, at pagkatapos ay ipaiinom sa babae ang tubig.
27 At pagka napainom na siya ng tubig, ay mangyayari na
kung siya'y nadumhan, at siya'y sumalangsang sa kaniyang
asawa, na ang tubig na nagbubugso ng sumpa ay tatalab
sa kaniya at magiging mapait, at ang kaniyang katawan ay
mamamaga at ang kaniyang hita ay manglulumo: at ang
babae ay magiging sumpa sa gitna ng kaniyang bayan. 28
At kung ang babae ay hindi nadumhan, kundi malinis; ay
magiging laya nga at magdadalang-tao. 29 Ito ang kautusan
tungkol sa paninibugho, pagka ang isang babae ay nalilisiya
sa lalaking di niya asawa, at nadumhan; 30 O pagka ang
diwa ng paninibugho ay sumasaisang lalake, at naninibugho
sa kaniyang asawa; ay pahaharapin nga ang babae sa
Panginoon at gagawin ng saserdote sa kaniya ang buong
kautusang ito. 31 At ang lalake ay maliligtas sa kasamaan,
at ang babae ay siyang magdadala ng kaniyang kasamaan.

**6** At sinalita ng Panginoon kay Moises, na sinasabi, 2
Salitain mo sa mga anak ni Israel, at sabihin mo sa
kanila, Pagka ang sinomang lalake o babae ay gagawa ng
isang tanging panata, ng panata ng isang Nazareo, upang
tumalaga sa Panginoon: 3 Ay hihiwalay siya sa alak at sa
matapang na inumin; siya'y hindi iinom ng suka ng alak, o
tubang nakalalasing, ni iinom man ng anomang katas na
galing sa ubas o kakain man ng sariwang ubas o pasas. 4
Sa lahat ng araw ng kaniyang pagkatalaga ay hindi siya
kakain ng anomang bagay na ibinubunga ng puno ng ubas,
magmula sa mga butil hanggang sa balat. 5 Sa lahat ng araw
ng kaniyang pagkatalaga ay walang pang-ahit na daraan sa
ibabaw ng kaniyang ulo: hanggang sa matupad ang mga araw
na kaniyang itinalaga sa Panginoon, ay magpapakabanal
siya; kaniyang pababayaang humaba ang buhok ng kaniyang
ulo. 6 Sa lahat ng araw ng kaniyang pagtalaga sa Panginoon,
ay huwag siyang lalapit sa patay na katawan. 7 Siya'y
huwag magpapakarumi sa kaniyang ama o sa kaniyang
ina, o sa kaniyang kapatid na lalake, o babae, pagka sila'y
namatay: sapagka't ang pagtalaga niya sa Dios, ay sumasa
kaniyang ulo. 8 Sa lahat ng araw ng kaniyang pagtalaga,
ay banal siya sa Panginoon. 9 At kung ang sinoman ay
biglang mamatay sa kaniyang siping, at mahawa ang ulo ng
kaniyang pagkatalaga: ay aahitan nga niya ang kaniyang ulo
sa araw ng paglilinis, sa ikapitong araw ay aahitan niya ito.
10 At sa ikawalong araw ay magdadala siya ng dalawang
batobato o dalawang inakay ng kalapati sa saserdote, sa
pintuan ng tabernakulo ng kapisanan. 11 At ihahandog ng
saserdote ang isa na pinakahandog dahil sa kasalanan, at
ang isa'y pinakahandog na susunugin at itutubos sa kaniya,
sapagka't siya'y nagkasala dahil sa patay, at babanalin
ang kaniyang ulo sa araw ding yaon. 12 At itatalaga niya
sa Panginoon ang mga araw ng kaniyang pagkatalaga, at
siya'y magdadala ng isang korderong lalake ng unang taon
na pinakahandog dahil sa pagkakasala: datapuwa't ang
mga unang araw ay mawawalan ng kabuluhan, sapagka't
ang kaniyang pagkatalaga ay nadumhan. 13 At ito ang
kautusan tungkol sa Nazareo, pagka natupad na ang mga
araw ng kaniyang pagkatalaga: siya'y dadalhin sa pintuan
ng tabernakulo ng kapisanan; 14 At kaniyang ihahandog
ang kaniyang alay sa Panginoon, na isang korderong lalake
ng unang taon na walang kapintasan, na pinakahandog na
susunugin, at isang korderong babae ng unang taon na
walang kapintasan na pinakahandog dahil sa kasalanan at
isang tupang lalake na walang kapintasan na pinakahandog
tungkol sa kapayapaan, 15 At isang bakol na tinapay na
walang lebadura, mga munting tinapay ng mainam na
harina na hinaluan ng langis at mga manipis na tinapay na
walang lebadura na pinahiran ng langis, at ang handog na
harina niyaon at ang mga handog na inumin niyaon. 16
At ihaharap ng saserdote yaon sa harapan ng Panginoon,
at ihahandog ang kaniyang handog dahil sa kasalanan
at ang kaniyang handog na susunugin: 17 At kaniyang
ihahandog sa Panginoon ang tupang lalake na pinaka-hain
na handog tungkol sa kapayapaan na kalakip ng bakol
ng mga tinapay na walang lebadura: ihahandog din ng
saserdote ang handog na harina niyaon at ang handog
na inumin niyaon. 18 At ang Nazareo ay magaahit ng ulo
sa kaniyang pagkatalaga sa pintuan ng tabernakulo ng
kapisanan at kaniyang dadamputin ang buhok ng ulo ng
kaniyang pagkatalaga at ilalagay sa ibabaw ng apoy na
nasa ilalim ng hain na handog tungkol sa kapayapaan. 19 At
kukunin ng saserdote ang lutong balikat ng tupa, at isang
munting tinapay na walang lebadura sa bakol, at isang
manipis na tinapay na walang lebadura, at ilalagay sa mga
kamay ng Nazareo, pagkatapos na makapagahit ng ulo
ng kaniyang pagkatalaga: 20 At aalugin ng saserdote na
pinakahandog na inalog sa harapan ng Panginoon; ito'y
banal sa saserdote, pati ng dibdib na inalog at ng hitang
itinaas; at pagkatapos nito'y ang Nazareo ay makaiinom ng
alak. 21 Ito ang kautusan tungkol sa Nazareo na nagpanata,

at tungkol sa kaniyang alay sa Panginoon dahil sa kaniyang
pagtalaga, bukod pa sa aabutin ng kaniyang mga kaya:
ayon sa kaniyang panata na kaniyang ipinanata, ay gayon
niya dapat gagawin, ayon sa kautusan tungkol sa kaniyang
pagkatalaga. **22** At sinalita ng Panginoon kay Moises, na
sinasabi, **23** Salitain mo kay Aaron at sa kaniyang mga anak,
na sasabihin, Sa ganitong paraan babasbasan ninyo ang
mga anak ni Israel; inyong sasabihin sa kanila: **24** Pagpalain
ka nawa ng Panginoon at ingatan ka: **25** Paliwanagin nawa
ng Panginoon ang kaniyang mukha sa iyo, at mahabag sa
iyo: **26** Ilingap nawa ng Panginoon ang kaniyang mukha sa
iyo, at bigyan ka ng kapayapaan. **27** Gayon nila ilalagay ang
aking pangalan sa mga anak ni Israel; at aking pagpapalain
sila.

**7** At nangyari ng araw na matapos ni Moises na maitayo
ang tabernakulo, at mapahiran ng langis at mapaging
banal, pati ng lahat ng kasangkapan niyaon, at ang dambana
pati ng lahat na kasangkapan niyaon, at mapahiran ng langis
at mapaging banal; **2** Na naghandog ang mga prinsipe sa
Israel, ang mga pangulo sa mga sangbahayan ng kanilang
mga magulang. Ito ang mga prinsipe sa mga lipi, ito ang
mga namamahala roon sa nangabilang: **3** At kanilang dinala
ang kanilang alay sa harap ng Panginoon, anim na karitong
may takip, at labing dalawang baka; isang kariton sa bawa't
dalawa sa mga prinsipe, at sa bawa't isa'y isang baka: at
kanilang iniharap sa harapan ng tabernakulo. **4** At sinalita ng
Panginoon kay Moises, na sinasabi, **5** Tanggapin mo sa
kanila, upang sila'y gumawa ng paglilingkod sa tabernakulo
ng kapisanan, at ibibigay mo sa mga Levita, sa bawa't lalake
ang ayon sa kanikaniyang paglilingkod. **6** At tinanggap ni
Moises ang mga kariton at ang mga baka, at ibinigay sa
mga Levita. **7** Dalawang kariton at apat na baka ay ibinigay
niya sa mga anak ni Gerson, ayon sa kanilang paglilingkod:
**8** At apat na kariton at walong baka ay kaniyang ibinigay sa
mga anak ni Merari, ayon sa kanilang paglilingkod, sa ilalim
ng pamamahala ni Ithamar na anak ni Aaron na saserdote.
**9** Nguni't sa mga anak ni Coath ay walang ibinigay siya:
sapagka't ang paglilingkod sa santuario ay nauukol sa kanila;
kanilang pinapasan sa kanilang mga balikat. **10** At ang
mga prinsipe ay naghandog sa pagtatalaga sa dambana
noong araw na pahiran ng langis, sa makatuwid baga'y ang
mga prinsipe ay naghandog ng kanilang alay sa harap ng
dambana. **11** At sinabi ng Panginoon kay Moises, Sila'y
maghahandog ng kanilang alay, na bawa't prinsipe'y sa
kaniyang kaarawan, sa pagtatalaga sa dambana. **12** At
ang naghandog ng kaniyang alay nang unang araw ay si
Naason na anak ni Aminadab sa lipi ni Juda: **13** At ang
kaniyang alay ay isang pinggang pilak, na ang bigat niyaon
ay isang daan at tatlong pung siklo, isang mangkok na pilak
na ang bigat ay pitong pung siklo ayon sa siklo ng santuario;
kapuwa puno ng mainam na harina na hinaluan ng langis,
na pinakahandog na harina; **14** Isang kutsarang ginto na ang
bigat ay sangpung siklo, na puno ng kamangyan, **15** Isang
guyang toro, isang tupang lalake, isang korderong lalake ng
unang taon, na handog na susunugin; **16** Isang lalake sa
mga kambing na handog dahil sa kasalanan; **17** At sa hain
na mga handog tungkol sa kapayapaan, ay dalawang baka,
limang tupang lalake, limang kambing na lalake, at limang
korderong lalake ng unang taon: ito ang alay ni Naason na
anak ni Aminadab. **18** Nang ikalawang araw, si Nathanael
na anak ni Suar, na prinsipe ni Issachar ay naghandog: **19**
Kaniyang inihandog na pinakaalay niya, ay isang pinggang
pilak na ang bigat ay isang daan at tatlong pung siklo, isang
mangkok na pilak na ang bigat ay pitong pung siklo, ayon sa
siklo ng santuario; kapuwa puno ng mainam na harina na
hinaluan ng langis, na pinakahandog na harina; **20** Isang
kutsarang ginto na ang bigat ay sangpung siklo na puno ng
kamangyan; **21** Isang guyang toro, isang tupang lalake, isang
korderong lalake ng unang taon, na handog na susunugin;
**22** Isang lalaking kambing na handog dahil sa kasalanan;
**23** At sa hain na mga handog tungkol sa kapayapaan, ay
dalawang baka, limang tupang lalake, limang kambing na
lalake, at limang korderong lalake ng unang taon: ito ang alay
ni Nathanael na anak ni Suar. **24** Nang ikatlong araw ay si
Eliab na anak ni Helon, na prinsipe sa mga anak ni Zabulon:
**25** Ang kaniyang alay, ay isang pinggang pilak, na ang bigat
niyaon ay isang daan at tatlong pung siklo, isang mangkok
na pilak na ang bigat ay pitong pung siklo, ayon sa siklo ng
santuario; kapuwa puno ng mainam na harina na hinaluan ng
langis, na pinakahandog na harina; **26** Isang kutsarang ginto
na ang bigat ay sangpung siklo, na puno ng kamangyan; **27**
Isang guyang toro, isang tupang lalake, isang korderong
lalake ng unang taon, na handog na susunugin; **28** Isang
lalake sa mga kambing, na handog dahil sa kasalanan;
**29** At sa hain na mga handog tungkol sa kapayapaan, ay
dalawang baka, limang tupang lalake, limang kambing na
lalake, at limang korderong lalake ng unang taon: ito ang
alay ni Eliab na anak ni Helon. **30** Nang ikaapat na araw
ay si Elisur na anak ni Sedeur, na prinsipe sa mga anak ni
Ruben: **31** Ang kaniyang alay ay isang pinggang pilak, na
ang bigat niyaon ay isang daan at tatlong pung siklo, isang
mangkok na pilak na ang bigat ay pitong pung siklo, ayon sa
siklo ng santuario; kapuwa puno ng mainam na harina na
hinaluan ng langis, na pinakahandog na harina. **32** Isang
kutsarang ginto na ang bigat ay sangpung siklo, na puno ng
kamangyan; **33** Isang guyang toro, isang tupang lalake, isang
korderong lalake ng unang taon, na handog na susunugin;
**34** Isang lalaking kambing na handog dahil sa kasalanan;

35 At sa hain na mga handog tungkol sa kapayapaan, ay
dalawang baka, limang tupang lalake, limang kambing na
lalake, at limang korderong lalake ng unang taon: ito ang
alay ni Elisur na anak ni Sedeur. 36 Nang ikalimang araw ay
si Selumiel na anak ni Zurisaddai, na prinsipe sa mga anak
ni Simeon: 37 Ang kaniyang alay ay isang pinggang pilak, na
ang bigat niyaon ay isang daan at tatlong pung siklo, isang
mangkok na pilak na ang bigat ay pitong pung siklo, ayon sa
siklo ng santuario; kapuwa puno ng mainam na harina na
hinaluan ng langis, na pinakahandog na harina; 38 Isang
kutsarang ginto na ang bigat ay sangpung siklo na puno ng
kamangyan. 39 Isang guyang toro, isang tupang lalake, isang
korderong lalake ng unang taon, na handog na susunugin;
40 Isang kambing na lalake, na handog dahil sa kasalanan;
41 At sa hain na mga handog tungkol sa kapayapaan, ay
dalawang baka, limang tupang lalake, limang kambing na
lalake at limang korderong lalake ng unang taon: ito ang
alay ni Selumiel na anak ni Zurisaddai. 42 Nang ikaanim na
araw ay si Eliasaph na anak ni Dehuel, na prinsipe sa mga
anak ni Gad: 43 Ang kaniyang alay ay isang pinggang pilak,
na ang bigat niyaon ay isang daan at tatlong pung siklo,
isang mangkok na pilak na ang bigat ay pitong pung siklo,
ayon sa siklo ng santuario; kapuwa puno ng mainam na
harina na hinaluan ng langis, na pinakahandog na harina; 44
Isang kutsarang ginto na ang bigat ay sangpung siklo, na
puno ng kamangyan; 45 Isang guyang toro, isang tupang
lalake, isang korderong lalake ng unang taon, na handog
na susunugin; 46 Isang lalake sa mga kambing na handog
dahil sa kasalanan; 47 At sa hain na mga handog tungkol
sa kapayapaan, ay dalawang baka, limang tupang lalake,
limang kambing na lalake, at limang korderong lalake ng
unang taon: ito ang alay ni Eliasaph na anak ni Dehuel.
48 Nang ikapitong araw ay si Elisama na anak ni Ammiud,
na prinsipe sa mga anak ni Ephraim: 49 Ang kaniyang
alay ay isang pinggang pilak, na ang bigat niyaon ay isang
daan at tatlong pung siklo, isang mangkok na pilak na
ang bigat ay pitong pung siklo, ayon sa siklo ng santuario;
kapuwa puno ng mainam na harina na hinaluan ng langis,
na pinakahandog na harina; 50 Isang kutsarang ginto na ang
bigat ay sangpung siklo, na puno ng kamangyan; 51 Isang
guyang toro, isang tupang lalake, isang korderong lalake
ng unang taon na handog na susunugin; 52 Isang lalake
sa mga kambing na handog dahil sa kasalanan; 53 At sa
hain na mga handog tungkol sa kapayapaan, ay dalawang
baka, limang tupang lalake, limang kambing na lalake, at
limang korderong lalake ng unang taon: ito ang alay ni
Elisama na anak ni Ammiud. 54 Nang ikawalong araw ay si
Gamaliel na anak ni Pedasur, na prinsipe sa mga anak ni
Manases: 55 Ang kaniyang alay ay isang pinggang pilak,
na ang bigat niyaon ay isang daan at tatlong pung siklo,
isang mangkok na pilak na ang bigat ay pitong pung siklo,
ayon sa siklo ng santuario; kapuwa puno ng mainam na
harina na hinaluan ng langis, na pinakahandog na harina; 56
Isang kutsarang ginto na ang bigat ay sangpung siklo, na
puno ng kamangyan; 57 Isang guyang toro, isang tupang
lalake, isang korderong lalake ng unang taon, na handog
na susunugin; 58 Isang lalake sa mga kambing na handog
dahil sa kasalanan; 59 At sa hain na mga handog tungkol
sa kapayapaan, ay dalawang baka, limang tupang lalake,
limang kambing na lalake, at limang korderong lalake ng
unang taon: ito ang alay ni Gamaliel na anak ni Pedasur. 60
Nang ikasiyam na araw ay si Abidan, na anak ni Gedeon,
na prinsipe sa mga anak ni Benjamin: 61 Ang kaniyang
alay ay isang pinggang pilak, na ang bigat niyao'y isang
daan at tatlong pung siklo, isang mangkok na pilak na
ang bigat ay pitong pung siklo, ayon sa siklo ng santuario;
kapuwa puno ng mainam na harina na hinaluan ng langis,
na pinakahandog na harina; 62 Isang kutsarang ginto na ang
bigat ay sangpung siklo, na puno ng kamangyan; 63 Isang
guyang toro, isang tupang lalake, isang korderong lalake ng
unang taon, na handog na susunugin; 64 Isang lalake sa
mga kambing na handog dahil sa kasalanan; 65 At sa hain
na mga handog tungkol sa kapayapaan, ay dalawang baka,
limang tupang lalake, limang kambing na lalake, at limang
korderong lalake ng unang taon: ito ang alay ni Abidan na
anak ni Gedeon. 66 Nang ikasangpung araw ay si Ahiezer
na anak ni Ammisaddai, na prinsipe sa mga anak ni Dan: 67
Ang kaniyang alay ay isang pinggang pilak, na ang bigat
niyao'y isang daan at tatlong pung siklo, isang mangkok na
pilak na ang bigat ay pitong pung siklo, ayon sa siklo ng
santuario; kapuwa puno ng mainam na harina na hinaluan ng
langis, na pinakahandog na harina; 68 Isang kutsarang ginto
na ang bigat ay sangpung siklo, na puno ng kamangyan; 69
Isang guyang toro, isang tupang lalake, isang korderong
lalake ng unang taon, na handog na susunugin; 70 Isang
lalake sa mga kambing na handog dahil sa kasalanan;
71 At sa hain na mga handog tungkol sa kapayapaan, ay
dalawang baka, limang tupang lalake, limang kambing na
lalake, at limang korderong lalake ng unang taon: ito ang
alay ni Ahiezer na anak ni Ammisaddai. 72 Nang ikalabing
isang araw ay si Pagiel na Anak ni Ocran, na prinsipe sa
mga anak ni Aser: 73 Ang kaniyang alay ay isang pinggang
pilak, na ang bigat niyao'y isang daan at tatlong pung siklo,
isang mangkok na pilak na ang bigat ay pitong pung siklo,
ayon sa siklo ng santuario; kapuwa puno ng mainam na
harina na hinaluan ng langis, na pinakahandog na harina; 74
Isang kutsarang ginto na ang bigat ay sangpung siklo, na
puno ng kamangyan; 75 Isang guyang toro, isang tupang

lalake, isang korderong lalake ng unang taon, na handog na
susunugin; 76 Isang lalake sa mga kambing, na handog
dahil sa kasalanan; 77 At sa hain na mga handog tungkol
sa kapayapaan, ay dalawang baka, limang tupang lalake,
at limang kambing na lalake, at limang korderong lalake,
ng unang taon: ito ang alay ni Pagiel na anak ni Ocran.
78 Nang ikalabing dalawang araw ay si Ahira na anak ni
Enan, na prinsipe sa mga anak ni Nephtali: 79 Ang kaniyang
alay ay isang pinggang pilak, na ang bigat niyao'y isang
daan at tatlong pung siklo, isang mangkok na pilak na
ang bigat ay pitong pung siklo, ayon sa siklo ng santuario;
kapuwa puno ng mainam na harina na hinaluan ng langis,
na pinakahandog na harina; 80 Isang kutsarang ginto na
ang bigat ay sangpung siklo, na puno ng kamangyan; 81
Isang guyang toro, isang tupang lalake, isang korderong
lalake ng unang taon, na handog na susunugin; 82 Isang
lalake sa mga kambing, na handog dahil sa kasalanan;
83 At sa hain na mga handog tungkol sa kapayapaan, ay
dalawang baka, limang tupang lalake, limang kambing na
lalake, at limang korderong lalake ng unang taon: ito ang
alay ni Ahira na anak ni Enan. 84 Ito ang pagtatalaga ng
dambana nang araw na pahiran ng langis ng mga prinsipe
sa Israel: labing dalawang pinggang pilak, labing dalawang
mangkok na pilak, labing dalawang kutsarang ginto: 85 Na
bawa't pinggang pilak ay isang daan at tatlong pung siklo
ang bigat, at bawa't mangkok ay pitong pu: lahat ng pilak ng
mga sisidlan ay dalawang libo at apat na raang siklo, ayon
sa siklo ng santuario; 86 Ang labing dalawang kutsarang
ginto, na puno ng kamangyan, na ang bigat ay sangpung
siklo bawa't isa, ayon sa siklo ng santuario; lahat ng ginto
ng mga kutsara, ay isang daan at dalawang pung siklo:
87 Lahat ng mga baka na handog na susunugin ay labing
dalawang toro, ang mga tupang lalake ay labing dalawa, ang
mga korderong lalake ng unang taon ay labing dalawa, at
ang mga handog na harina niyaon; at ang mga kambing na
lalake na handog dahil sa kasalanan ay labing dalawa: 88 At
lahat ng mga baka na pinaka-hain na mga handog tungkol
sa kapayapaan, ay dalawang pu't apat na toro, ang mga
tupang lalake ay anim na pu, ang mga kambing na lalake ay
anim na pu, ang mga korderong lalake ng unang taon ay
anim na pu. Ito ang pagtatalaga sa dambana pagkatapos
na mapahiran ng langis. 89 At nang si Moises ay pumasok
sa tabernakulo ng kapisanan, upang makipagsalitaan sa
kaniya, ay narinig nga niya ang tinig na nagsasalita sa
kaniya, mula sa itaas ng luklukan ng awa na nasa ibabaw ng
kaban ng patotoo, na nasa gitna ng dalawang querubin: at
siya'y nagsalita sa kaniya.

8 At sinalita ng Panginoon kay Moises, na sinasabi, 2
Salitain mo kay Aaron, at sabihin mo sa kaniya, Pagsisindi
mo ng mga ilawan, ay iyong papagliliwanagin ang pitong
ilawan sa harap ng kandelero. 3 At ginawang gayon ni Aaron:
kaniyang sinindihan ang mga ilawan upang magliwanag
sa harap ng kandelero, gaya ng iniutos ng Panginoon kay
Moises. 4 At ito ang pagkayari ng kandelero, gintong niyari
sa pamukpok; mula sa tungtungan niyaon hanggang sa
mga bulaklak niyaon ay yari sa pamukpok: ayon sa anyo na
ipinakita ng Panginoon kay Moises, ay gayon niya ginawa
ang kandelero. 5 At sinalita ng Panginoon kay Moises, na
sinasabi, 6 Kunin mo ang mga Levita sa gitna ng mga anak
ni Israel at linisin mo sila. 7 At ganito ang gagawin mo sa
kanila, upang linisin sila: iwisik mo sa kanila ang tubig na
panglinis ng sala, at kanilang paraanin ang pang-ahit sa
buong laman nila, at labhan nila ang kanilang mga suot, at
sila'y magpakalinis. 8 Kung magkagayo'y pakunin mo sila ng
isang guyang toro at ng handog na harina niyaon, na mainam
na harina na hinaluan ng langis, at kukuha ka ng ibang
guyang toro na handog dahil sa kasalanan. 9 At ihaharap
mo ang mga Levita sa harap ng tabernakulo ng kapisanan
at pipisanin mo ang buong kapisanan ng mga anak ni Israel:
10 At ihaharap mo ang mga Levita sa harap ng Panginoon.
At ipapatong ng mga anak ni Israel ang kanilang mga kamay
sa mga Levita: 11 At ihahandog ni Aaron ang mga Levita sa
harap ng Panginoon na pinakahandog, na inalog sa ganang
mga anak ni Israel upang kanilang gawin ang paglilingkod
sa Panginoon. 12 At ipapatong ng mga Levita ang kanilang
mga kamay sa mga ulo ng mga guyang toro: at ihandog mo
ang isa na pinakahandog dahil sa kasalanan, at ang isa'y
pinakahandog na susunugin sa Panginoon, upang itubos sa
mga Levita. 13 At patayuin mo ang mga Levita sa harap ni
Aaron at sa harap ng kaniyang mga anak, at ihahandog mo
ang mga yaon na pinakahandog na inalog sa Panginoon.
14 Ganito mo ihihiwalay ang mga Levita sa gitna ng mga
anak ni Israel: at ang mga Levita ay magiging akin. 15 At
pagkatapos nito ay magsisipasok ang mga Levita, upang
gawin ang paglilingkod sa tabernakulo ng kapisanan at
iyo silang lilinisin, at ihahandog mo na pinakahandog na
inalog. 16 Sapagka't sila'y buong nabigay sa akin sa gitna ng
mga anak ni Israel; na kinuha ko silang kapalit ng lahat ng
nagsisipagbukas ng bahay-bata, ng mga panganay sa lahat
ng mga anak ni Israel. 17 Sapagka't lahat ng mga panganay
sa gitna ng mga anak ni Israel ay akin, maging tao at
maging hayop: nang araw na aking lipulin ang lahat ng mga
panganay sa lupain ng Egipto, ay aking pinapagingbanal
para sa akin. 18 At aking kinuha ang mga Levita na kapalit
ng lahat ng mga panganay sa gitna ng mga anak ni Israel.
19 At aking ibinigay ang mga Levita na pinaka kaloob kay
Aaron at sa kaniyang mga anak mula sa gitna ng mga anak
ni Israel upang gawin nila ang paglilingkod sa mga anak ni

Israel sa tabernakulo ng kapisanan, at upang magsigawa ng
pangtubos sa mga anak ni Israel, upang huwag magkaroon
ng salot sa gitna ng mga anak ni Israel, pagka ang mga
anak ni Israel, ay lumalapit sa santuario. **20** Ganito ang
ginawa ni Moises, at ni Aaron, at ng buong kapisanan ng
mga anak ni Israel sa mga Levita: ayon sa lahat ng iniutos
ng Panginoon kay Moises tungkol sa mga Levita, ay gayon
ginawa ng mga anak ni Israel sa kanila. **21** At ang mga
Levita ay nagsipaglinis ng kanilang sarili sa kasalanan, at
nagsipaglaba ng kanilang mga damit; at inihandog ni Aaron
sila na pinakahandog na inalog sa harap ng Panginoon; at si
Aaron ay naggawa ng pangtubos sa kanila upang linisin
sila. **22** At pagkatapos niyaon ay nagsipasok ang mga Levita
upang gawin ang kanilang paglilingkod sa tabernakulo ng
kapisanan sa harap ni Aaron at sa harap ng kaniyang mga
anak: kung paano ang iniutos ng Panginoon kay Moises
tungkol sa mga Levita, ay gayon ang ginawa nila sa kanila.
**23** At sinalita ng Panginoon kay Moises, na sinasabi, **24** Ito
ang nauukol sa mga Levita: mula sa dalawang pu't limang
taong gulang na patanda, ay papasok upang maglingkod sa
gawa ng tabernakulo ng kapisanan. **25** At mula sa limang
pung taong gulang ay titigil sila sa paglilingkod sa gawain at
hindi na sila maglilingkod; **26** Nguni't sila'y mangangasiwa
ng kanilang mga kapatid sa tabernakulo ng kapisanan,
upang ingatan ang katungkulan, at sila'y walang gagawing
paglilingkod. Gayon ang gagawin mo sa mga Levita tungkol
sa kanilang mga katungkulan.

**9** At sinalita ng Panginoon kay Moises sa ilang ng Sinai,
sa unang buwan ng ikalawang taon pagkatapos na sila'y
makaalis sa lupain ng Egipto, na sinasabi, **2** Bukod sa rito ay
ipagdiwang ng mga anak ni Israel ang paskua sa kaniyang
kaukulang panahon. **3** Sa ikalabing apat na araw ng buwang
ito, sa paglubog ng araw ay inyong ipagdidiwang sa kaniyang
kaukulang panahon: ayon sa lahat na palatuntunan niyaon,
at ayon sa lahat ng ayos niyaon, ay inyong ipagdidiwang.
**4** At si Moises ay nagsalita sa mga anak ni Israel upang
ipagdiwang ang paskua. **5** At kanilang ipinagdiwang ang
paskua nang unang buwan, sa ikalabing apat na araw
ng buwan, sa paglubog ng araw, sa ilang ng Sinai: ayon
sa lahat na iniutos ng Panginoon kay Moises, ay gayon
ginawa ng mga anak ni Israel. **6** At may mga lalake na
mga marurumi dahil sa bangkay ng isang tao, na anopa't
hindi nila naipagdiwang ang paskua nang araw na yaon; at
nagsiharap sila kay Moises at kay Aaron nang araw na yaon:
**7** At ang mga lalaking yaon ay nagsipagsabi sa kanila, Kami
ay mga marumi dahil sa bangkay ng isang tao: bakit kami ay
masasansala na anopa't kami ay huwag maghandog ng alay
sa Panginoon sa kaniyang kaukulang panahon na kasama
ng mga anak ni Israel? **8** At sinabi ni Moises sa kanila,
Maghintay kayo; upang aking marinig ang ipaguutos ng
Panginoon tungkol sa inyo. **9** At sinalita ng Panginoon kay
Moises, na sinasabi, **10** Salitain mo sa mga anak ni Israel, na
iyong sabihin, Kung ang sinomang tao sa inyo o sa inyong
sali't saling lahi ay maging marumi dahil sa isang bangkay, o
masumpungan sa isang malayong paglalakbay, ay kaniyang
ipagdidiwang din ang paskua sa Panginoon: **11** Sa ikalawang
buwan nang ikalabing apat na araw sa paglubog ng araw,
ay kanilang ipagdidiwang; kanilang kakanin na may mga
tinapay na walang lebadura at mga gulay na mapait: **12** Wala
silang ititira niyaon hanggang sa kinaumagahan, ni sisira
ng buto niyaon: ayon sa buong palatuntunan ng paskua ay
kanilang ipagdidiwang. **13** Datapuwa't ang lalaking malinis,
at wala sa paglalakbay, at hindi magdiwang ng paskua, ay
ihihiwalay ang taong yaon, sa kaniyang bayan; sapagka't
siya'y hindi naghandog ng alay sa Panginoon sa kaukulang
panahon, ang taong yaon ay magtataglay ng kaniyang
kasalanan. **14** At kung ang isang taga ibang bayan ay
makikipamayan sa inyo, at ipagdidiwang ang paskua sa
Panginoon; ayon sa palatuntunan ng paskua, at ayon sa
ayos, ay gayon gagawin niya; kayo'y magkakaroon ng isang
palatuntunan, maging sa taga ibang lupa, at maging sa
ipinanganak sa lupain. **15** At nang araw na ang tabernakulo
ay itayo, ay tinakpan ng ulap ang tabernakulo, sa makatuwid
baga'y ang tabernakulo ng patotoo: at sa paglubog ng araw
ay nasa ibabaw ng tabernakulo na parang anyong apoy
hanggang sa kinaumagahan. **16** Gayon namalagi: ang ulap
ang tumakip doon, at ang anyong apoy sa gabi. **17** At kailan
pa man ang ulap ay napaitaas mula sa ibabaw ng Tolda ay
naglakbay nga pagkatapos ang mga anak ni Israel: at sa
dakong tigilan ng ulap ay doon humantong ang mga anak ni
Israel. **18** Sa utos ng Panginoon ay nagsisipaglakbay ang
mga anak ni Israel, at sa utos ng Panginoon ay humantong
sila: kung gaano kalaon ang itigil ng ulap sa ibabaw ng
tabernakulo, ay siya nilang ipina-nanatili sa kampamento.
**19** At pagka ang ulap ay tumigil sa ibabaw ng tabernakulo
na maluwat, ay iningatan ng mga anak ni Israel ang bilin
ng Panginoon at hindi naglalakbay. **20** At kung minsan
ay nananatiling ilang araw sa ibabaw ng tabernakulo ang
ulap; ayon nga sa utos ng Panginoon ay tumitira sila sa
mga tolda at ayon sa utos ng Panginoon ay naglakbay sila.
**21** At kung minsan ang ulap ay nananatili mula sa hapon
hanggang sa kinaumagahan; at pagka ang ulap ay napaitaas
sa kinaumagahan, ay naglakbay sila: maging araw maging
gabi, na ang ulap ay paitaas, ay naglakbay sila. **22** Maging
dalawang araw o isang buwan, o isang taon na nakatigil
ang ulap sa ibabaw ng tabernakulo, na manatili sa ibabaw
niyaon, ay tumitira ang mga anak ni Israel sa mga tolda at
hindi naglakbay: datapuwa't pagtaas ay naglakbay sila. **23**

Sa utos ng Panginoon ay humantong sila, at sa utos ng
Panginoon ay naglakbay sila; kanilang iningatan ang bilin
ng Panginoon, sa utos ng Panginoon sa pamamagitan ni
Moises.

10 At sinalita ng Panginoon kay Moises, na sinasabi, 2
Gumawa ka ng dalawang pakakak na pilak; yari sa
pamukpok gagawin mo: at iyong gagamitin sa pagtawag sa
kapisanan, at sa paglalakbay ng mga kampamento. 3 At
pagka kanilang hihipan, ay magpipisan sa iyo ang buong
kapisanan sa pintuan ng tabernakulo ng kapisanan. 4 At kung
kanilang hihipan ang isa lamang, ang mga prinsipe nga, ang
mga pangulo sa mga libolibong taga Israel, ay magpipisan
sa iyo. 5 At paghihip ninyo ng hudyat, ay magsisisulong
ang mga kampamento na nasa dakong silanganan. 6 At
paghihip ninyo ng hudyat na ikalawa, ay magsisisulong ang
mga kampamento na nasa dakong timugan: sila'y hihihip ng
isang hudyat para sa kanilang paglalakbay. 7 Datapuwa't
pagka ang kapisanan ay magpipisan ay hihihip kayo, nguni't
huwag ninyong patutunuging ayon sa hudyat. 8 At ang mga
anak ni Aaron, ang mga saserdote, ay magsisihihip ng mga
pakakak; at magiging palatuntunan sa inyo magpakailan
man sa buong panahon ng inyong mga lahi. 9 At pagka
makikipagbaka kayo sa inyong lupain laban sa kaaway na
sa inyo'y pumipighati, ay inyo ngang patutunugin ang hudyat
ng pakakak; at kayo'y aalalahanin sa harap ng Panginoon
ninyong Dios, at kayo'y maliligtas sa inyong mga kaaway. 10
Gayon sa kaarawan ng inyong kasayahan, at sa inyong mga
takdang kapistahan, at sa mga pasimula ng inyong mga
buwan, ay inyong hihipan ang mga pakakak sa ibabaw ng
inyong mga handog na susunugin, at sa ibabaw ng mga hain
ng inyong mga handog tungkol sa kapayapaan; at sa inyo'y
magiging alaala sa harap ng inyong Dios: ako ang Panginoon
ninyong Dios. 11 At nangyari sa ikalawang taon, nang
ikalawang buwan, nang ikadalawang pung araw ng buwan,
na ang ulap ay napaitaas mula sa tabernakulo ng patotoo. 12
At ang mga anak ni Israel ay nagsisulong, ayon sa kanilang
mga paglalakbay mula sa ilang ng Sinai; at ang ulap ay
tumahan sa ilang ng Paran. 13 At kanilang pinasimulan
ang kanilang paglalakbay ayon sa utos ng Panginoon sa
pamamagitan ni Moises. 14 At unang sumulong ang watawat
ng kampamento ng mga anak ni Juda ayon sa kanilang
mga hukbo; at nangungulo sa kaniyang hukbo si Naason na
anak ni Aminadab. 15 At nangungulo sa hukbo ng lipi ng
mga anak ni Issachar, si Nathanael na anak ni Suar. 16 At
nangungulo sa hukbo ng lipi ng mga anak ni Zebulon, si
Eliab na anak ni Helon. 17 At ang tabernakulo ay tinanggal at
ang mga anak ni Gerson at ang mga anak ni Merari, na mga
may dala ng tabernakulo ay nagsisulong. 18 At ang watawat
ng kampamento ng Ruben ay sumulong ayon sa kanilang
mga hukbo: at nangungulo sa kaniyang hukbo si Elisur na
anak ni Sedeur. 19 At nangungulo sa hukbo ng lipi ng mga
anak ni Simeon si Selumiel na anak ni Zurisaddai. 20 At
nangungulo sa hukbo ng lipi ng mga anak ni Gad, si Eliasaph
na anak ni Dehuel. 21 At ang mga Coathita ay nagsisulong
na dala ang santuario: at itinayo ng iba ang tabernakulo
samantalang ang mga ito'y nagsisidating. 22 At ang watawat
ng kampamento ng mga anak ni Ephraim ay nagsisulong
ayon sa kanilang mga hukbo: at nangungulo sa kaniyang
hukbo si Elisama na anak ni Ammiud. 23 At nangungulo
sa hukbo ng lipi ng mga anak ni Manases, si Gamaliel na
anak ni Pedasur. 24 At nangungulo sa hukbo ng lipi ng mga
anak ni Benjamin, si Abidan na anak ni Gedeon. 25 At ang
watawat ng kampamento ng mga anak ni Dan na siyang
nasa hulihan ng lahat ng mga kampamento ay nagsisulong
ayon sa kanilang mga hukbo: at nangungulo sa kaniyang
hukbo si Ahiezer na anak ni Ammisaddai. 26 At nangungulo
sa hukbo ng lipi ng mga anak ni Aser si Phegiel na anak
ni Ocran. 27 At nangungulo sa hukbo ng lipi ng mga anak
ni Nephtali si Ahira na anak ni Enan. 28 Ganito ang mga
paglalakbay ng mga anak ni Israel, ayon sa kanilang mga
hukbo; at sila'y nagsisulong. 29 At si Moises ay nagsabi kay
Hobab na anak ni Rehuel na Madianita, biyanan ni Moises:
Kami ay naglalakbay sa dakong sinabi ng Panginoon, Aking
ibibigay sa inyo: sumama ka sa amin at gagawan ka namin
ng mabuti: sapagka't ang Panginoon ay nagsalita ng mabuti
tungkol sa Israel. 30 At sinabi niya sa kaniya, Ako'y hindi
paroroon; kundi ako'y babalik sa aking sariling lupain, at
sa aking kamaganakan. 31 At sinabi ni Moises, Huwag mo
kaming iwan, ipinamamanhik ko sa iyo; sapagka't nalalaman
mo kung paanong hahantong kami sa ilang, at ikaw ay
maaari sa aming pinakamata. 32 At mangyayari, na kung
ikaw ay sasama sa amin, oo, mangyayari, na anomang
mabuting gagawin ng Panginoon sa amin, ay siya rin naming
gagawin sa iyo. 33 At sila'y nagsisulong mula sa bundok ng
Panginoon ng tatlong araw na paglalakbay; at ang kaban ng
tipan ng Panginoon ay nasa unahan nila ng tatlong araw
nilang paglalakbay, upang ihanap sila ng dakong kanilang
mapagpapahingahan. 34 At ang ulap ng Panginoon ay
nasa itaas nila sa araw, pagka sila'y sumulong mula sa
kampamento. 35 At nangyari pagka ang kaban ay isinulong
na sinabi ni Moises, Bumangon ka, Oh Panginoon, at
mangalat ang mga kaaway mo, at magsitakas sa harap mo
ang nangapopoot sa iyo. 36 At pagka inilapag ay kaniyang
sinabi, Bumalik ka, Oh Panginoon sa mga laksang libolibong
Israelita.

11 At ang bayan ay naging parang mapag-upasala na
nagsalita ng masasama sa pakinig ng Panginoon: at
nang marinig ng Panginoon ay nagningas ang kaniyang

galit; at ang apoy ng Panginoon ay sumunog sa gitna nila, at
sinupok ang kahulihulihang bahagi ng kampamento. 2 At ang
bayan ay humibik kay Moises; at si Moises ay nanalangin sa
Panginoon at ang apoy ay namatay. 3 At ang pangalan ng
dakong yaon ay tinawag na Tabera: sapagka't ang apoy ng
Panginoon ay sumunog sa gitna nila. 4 At ang halohalong
karamihan na nasa gitna nila ay nahulog sa kasakiman: at
ang mga anak ni Israel naman ay muling umiyak at nagsabi,
Sino ang magbibigay sa atin ng karneng makakain? 5 Ating
naaalaala ang isda, na ating kinakain sa Egipto na walang
bayad; ang mga pipino, at ang mga milon, at ang mga puero,
at ang mga sibuyas, at ang bawang: 6 Nguni't ngayo'y ang
ating kaluluwa ay natutuyo; walang kaanoanoman: sa ating
harapan ay walang anoman kundi ang manang ito. 7 At
ang mana ay gaya ng butil ng culantro, at ang kulay niyaon
ay gaya ng kulay ng bdelio. 8 Ang bayan ay dumadaan
sa palibot, at pinupulot yaon, at kanilang ginigiling sa mga
gilingan, o kanilang dinidikdik sa mga lusong, at kanilang
niluluto sa mga palyok, at ginagawa nilang munting tinapay
at ang lasa ay gaya ng lasa ng bagong langis. 9 At pagka
ang hamog ay nahuhulog sa ibabaw ng kampamento sa
gabi, ang mana ay nahuhulog. 10 At narinig ni Moises ang
pag-iiyakan ng bayan sa kanikaniyang sangbahayan, na
bawa't lalake ay nasa pintuan ng kaniyang tolda; at ang galit
ng Panginoon ay nagningas na mainam; at sumama ang
loob ni Moises. 11 At sinabi ni Moises sa Panginoon, Bakit
mo ginawan ng masama ang iyong lingkod? at bakit hindi
ako nakasumpong ng biyaya sa iyong paningin, na iyong
iniatang sa akin ang pasan ng buong bayang ito. 12 Akin
ba kayang ipinaglihi ang buong bayang ito? ipinanganak
ko ba upang iyong sabihin sa akin, Kandungin mo sila sa
iyong kandungan, na gaya ng nag-aalagang magulang na
kinakandong ang kaniyang batang pasusuhin, sa lupain
na iyong isinumpa sa kanilang mga magulang? 13 Saan
ako kukuha ng karne upang ibigay sa buong bayang ito?
sapagka't sila'y umiyak sa akin, na nagsisipagsabi, Bigyan
mo kami ng karneng aming makain. 14 Hindi ko kayang
dalhing magisa ang buong bayang ito, sapagka't totoong
mabigat sa akin. 15 At kung ako'y ginagawan mo ng ganito
ay patayin mo na ako, ipinamamanhik ko sa iyo, kung ako'y
nakasumpong ng biyaya sa iyong paningin; at huwag ko
nang makita ang aking kahirapan. 16 At sinabi ng Panginoon
kay Moises, Pisanin mo sa akin ang pitong pung lalake sa
mga matanda sa Israel, sa iyong mga nalalaman na mga
matanda sa bayan at mga nangungulo sa kanila; at dalhin
mo sa tabernakulo ng kapisanan, upang sila'y makatayo
roon na kasama mo. 17 At ako'y bababa at makikipag-usap
sa iyo doon; at ako'y kukuha sa Espiritung sumasaiyo at
aking isasalin sa kanila; at kanilang dadalhin ang pasan ng
bayan na kasama mo, upang huwag mong dalhing magisa.
18 At sabihin mo sa bayan, Magpakabanal kayo, para sa
kinabukasan, at kayo'y magsisikain ng karne: sapagka't
kayo'y nagsisiiyak sa pakinig ng Panginoon, na sinasabi,
Sinong magbibigay sa amin ng karne na aming makakain?
sapagka't maigi kahit nang nasa Egipto: dahil dito bibigyan
kayo ng Panginoon ng karne at kakain kayo. 19 Hindi
ninyo kakaning isang araw, ni dalawang araw, ni limang
araw, ni sangpung araw, ni dalawang pung araw; 20 Kundi
isang buong buwan, hanggang sa lumabas sa inyong mga
ilong, at inyong kasuyaan: sapagka't inyong itinakuwil ang
Panginoon na nasa gitna ninyo, at kayo'y umiyak sa harap
niya, na nagsasabi, Bakit kami nakaalis sa Egipto? 21
At sinabi ni Moises, Ang bayan na kinaroroonan ko, ay
anim na raang libong katao na nakatayo; at iyong sinabi,
Akin silang bibigyan ng karne na kanilang makakain sa
buong buwan. 22 Papatayin ba kaya ang mga kawan at
mga bakahan, upang magkasya sa kanila? o ang lahat ng
isda sa dagat at titipunin sa kanila upang magkasya sa
kanila? 23 At sinabi ng Panginoon kay Moises, Umikli na
ba kaya ang kamay ng Panginoon? ngayo'y makikita mo
kung ang aking salita ay matutupad sa iyo o hindi. 24 At si
Moises ay lumabas, at isinaysay sa bayan ang mga salita ng
Panginoon: at siya'y nagpisan ng pitong pung lalake sa mga
matanda sa bayan at kaniyang pinatayo sa palibot ng Tolda.
25 At ang Panginoon ay bumaba sa ulap, at nagsalita sa
kaniya; at kumuha sa Espiritung sumasakaniya at isinalin sa
pitong pung matanda: at nangyari, na nang sumakanila ang
Espiritu, ay nanganghula, nguni't hindi na sila umulit. 26
Nguni't naiwan ang dalawang lalake sa kampamento, na
ang pangalan ng isa ay Eldad, at ang pangalan ng isa ay
Medad: at ang Espiritu ay sumasakanila; at sila'y kabilang
sa nangasulat, nguni't hindi nagsilabas sa Tolda: at sila'y
nanghula sa kampamento. 27 At tumakbo ang isang binata,
at isinaysay kay Moises, at sinabi, Si Eldad at si Medad ay
nanghuhula sa kampamento. 28 At si Josue na anak ni Nun,
na tagapangasiwa ni Moises, na isa sa kaniyang mga piling
lalake, ay sumagot at nagsabi, Panginoon kong Moises,
pagbawalan mo sila. 29 At sinabi ni Moises sa kaniya, Ikaw
ba'y may paninibugho sa akin? ibigin nawa na ang buong
bayan ng Panginoon ay maging propeta na isakanila ng
Panginoon ang kaniyang Espiritu! 30 At naparoon si Moises
sa kampamento, siya at ang mga matanda sa Israel. 31 At
lumabas ang isang hanging galing sa Panginoon, at nagdala
ng mga pugo na mula sa dagat, at pinalapag sa kampamento
na may isang araw lakarin sa dakong ito, at isang araw
lakarin sa kabilang dako sa palibot ng kampamento, at
nagsilipad na may dalawang siko ang taas sa balat ng
lupa. 32 At ang bayan ay nangakatindig ng buong araw na

yaon at ng buong gabi, at ng buong ikalawang araw, at
nagsipanghuli ng mga pugo; yaong kaunti ang napisan ay
nakapisan ng sangpung homer: at kanilang ikinalat para sa
kanila sa buong palibot ng kampamento. **33** Samantalang
ang karne ay nasa kanilang mga ngipin pa, na hindi pa
nila nangunguya ay nagningas laban sa bayan ang galit ng
Panginoon at sinaktan ng Panginoon ang bayan ng isang
salot na di kawasa. **34** At ang pangalan ng dakong yaon
ay tinawag na Kibroth-hattaavah; sapagka't doon inilibing
nila ang bayang sakim. **35** Mula sa Kibroth-hattaavah ay
naglakbay ang bayan na patungo sa Haseroth; at sila'y
tumira sa Haseroth.

**12** At si Miriam at si Aaron ay nagsalitaan laban kay
Moises tungkol sa pagkapagasawa niya sa isang
babaing Cusita: sapagka't siya'y nag-asawa sa isang babaing
Cusita. **2** At kanilang sinabi, Ang Panginoon ba'y kay Moises
lamang nakipagsalitaan? hindi ba nakipagsalitaan din naman
sa atin? At narinig ng Panginoon. **3** Ang lalake ngang si
Moises ay totoong maamong loob, na higit kay sa lahat
ng lalaking nasa ibabaw ng lupa. **4** At sinalita agad ng
Panginoon kay Moises, at kay Aaron, at kay Miriam, Lumabas
kayong tatlo sa tabernakulo ng kapisanan. At silang tatlo
ay lumabas. **5** At ang Panginoon ay bumaba sa isang tila
haliging ulap, at tumayo sa pintuan ng Tolda, at tinawag si
Aaron at si Miriam: at sila'y kapuwa lumabas. **6** At kaniyang
sinabi, Dinggin ninyo ngayon ang aking mga salita: kung
mayroon sa gitna ninyo na isang propeta, akong Panginoon
ay pakikilala sa kaniya sa pangitain, na kakausapin ko siya
sa panaginip. **7** Ang aking lingkod na si Moises ay hindi
gayon; siya'y tapat sa aking buong buhay: **8** Sa kaniya'y
makikipag-usap ako ng bibig, sa bibig, ng maliwanag, at
hindi sa malabong salitaan; at ang anyo ng Panginoon ay
kaniyang makikita: bakit nga hindi kayo natakot na magsalita
laban sa aking lingkod, laban kay Moises? **9** At ang galit ng
Panginoon ay nagningas laban sa kanila; at siya'y umalis.
**10** At ang ulap ay lumayo sa Tolda; at narito, si Miriam ay
nagkaketong, na pumuting gaya ng niebe; at tiningnan ni
Aaron si Miriam, at narito, siya'y nagkaketong. **11** At sinabi ni
Aaron kay Moises, Oh panginoon ko, isinasamo ko sa iyo na
huwag mong iparatang ang kasalanan sa amin, sapagka't
ginawa namin na may kamangmangan, at sapagka't kami ay
nagkasala. **12** Huwag mong itulot sa kaniya, isinasamo ko
sa iyo, na maging parang isang patay na tunaw ang kalahati
ng kaniyang laman paglabas sa tiyan ng kaniyang ina. **13** At
humibik si Moises sa Panginoon, na sinasabi, Pagalingin mo
siya, Oh Dios, ipinamamanhik ko sa iyo. **14** At sinabi ng
Panginoon kay Moises, Kung siya'y niluran ng kaniyang ama
sa kaniyang mukha, hindi ba siya mahihiyang pitong araw?
kulungin siyang pitong araw sa labas ng kampamento, at
pagkatapos ay madadala siyang muli sa loob. **15** At si Miriam
ay kinulong na pitong araw sa labas ng kampamento: at ang
bayan ay hindi naglakbay hanggang si Miriam ay nadalang
muli sa loob. **16** At pagkatapos nito ay naglakbay ang bayan
mula sa Haseroth, at humantong sa ilang ng Paran.

**13** At sinalita ng Panginoon kay Moises, na sinasabi,
**2** Magsugo ka ng mga lalake na makakapaniktik sa
lupain ng Canaan, na aking ibibigay sa mga anak ni Israel:
isang lalake sa bawa't isa sa mga lipi ng kanilang mga
magulang ay susuguin ninyo, na bawa't isa'y prinsipe sa
kanila. **3** At sinugo sila ni Moises mula sa ilang ng Paran
ayon sa utos ng Panginoon: silang lahat ay mga lalaking
pangulo sa mga anak ni Israel. **4** At ito ang kanilang mga
pangalan: sa lipi ni Ruben, ay si Sammua na anak ni Zaccur.
**5** Sa lipi ni Simeon, ay si Saphat na anak ni Huri. **6** Sa
lipi ni Juda, ay si Caleb na anak ni Jephone. **7** Sa lipi ni
Issachar, ay si Igal na anak ni Jose. **8** Sa lipi ni Efraim, ay si
Oseas na anak ni Nun. **9** Sa lipi ni Benjamin, ay si Palti
na anak ni Raphu. **10** Sa lipi ni Zabulon, ay si Gaddiel na
anak ni Sodi. **11** Sa lipi ni Jose, sa makatuwid baga'y sa
lipi ni Manases, ay si Gaddi na anak ni Susi. **12** Sa lipi ni
Dan, ay si Ammiel na anak ni Gemalli. **13** Sa lipi ni Aser,
ay si Sethur, na anak ni Michael. **14** Sa lipi ni Nephtali,
ay si Nahabi na anak ni Vapsi. **15** Sa lipi ni Gad, ay si
Geuel na anak ni Machi. **16** Ito ang mga pangalan ng mga
lalake na sinugo ni Moises upang tiktikan ang lupain. At
tinawag ni Moises na Josue ang anak ni Nun na si Oseas.
**17** At sinugo sila ni Moises upang tiktikan ang lupain ng
Canaan, at sinabi sa kanila, Sumampa kayo rito sa dakong
Timugan at umakyat kayo sa mga bundok: **18** At tingnan
ninyo ang lupain, kung ano; at ang bayan na tumatahan
doon, kung sila'y malakas o mahina, kung sila'y kaunti o
marami; **19** At kung ano ang lupain na kanilang tinatahanan,
kung mabuti o masama; at kung ano ang mga bayan na
kanilang tinatahanan, kung sa mga kampamento, o sa mga
nakukutaan; **20** At kung ano ang lupain, kung mataba o
payat, kung mayroong kahoy o wala. At magpakatapang
kayo, at magdala kayo rito ng bunga ng lupain. Ngayon ang
panahon ay panahon ng mga unang hinog na ubas. **21** Sila
nga'y umakyat, at kanilang tiniktikan ang lupain mula sa
ilang ng Zin hanggang sa Rehob, sa pagpasok sa Emath. **22**
At sila'y umakyat sa dakong Timugan, at sila'y dumating sa
Hebron; at si Aimen, si Sesai at si Talmai, na mga anak
ni Anac, ay nangaroon. (Ngayon ang Hebron ay natayong
pitong taon bago ang Zoan sa Egipto). **23** At sila'y dumating
sa libis ng Escol, at sila'y pumutol doon ng isang sangang
may isang kumpol na ubas, at dinala sa isang pingga ng
dalawa; sila'y nagdala rin ng mga granada, at mga igos.
**24** Ang dakong yaon ay tinawag na libis ng Escol, dahil

sa kumpol na kinitil ng mga anak ni Israel doon. **25** At
sila'y nagbalik pagkatiktik sa lupain, sa katapusan ng apat
na pung araw. **26** At sila'y nagsiyaon at nagsiparoon kay
Moises, at kay Aaron at sa buong kapisanan ng mga anak ni
Israel, sa ilang ng Paran, sa Cades; at kanilang binigyang
sagot sila, at ang buong kapisanan, at kanilang ipinakita
sa kanila ang bunga ng lupain. **27** At kanilang isinaysay
sa kaniya, at sinabi, Kami ay dumating sa lupaing yaong
pinaparoonan mo sa amin, at tunay na binubukalan ng gatas
at pulot; at ito ang bunga niyaon. **28** Gayon man ang bayan
na tumitira sa lupaing yaon ay malakas, at ang mga bayan
ay nakukutaan, at napakalalaki: at saka aming nakita ang
mga anak ni Anac doon. **29** Si Amalec ay tumatahan sa
lupain ng Timugan: at ang Hetheo, at ang Jebuseo, at ang
Amorrheo ay tumatahan sa mga bundok: at ang Cananeo
ay tumatahan sa tabi ng dagat, at sa mga pangpang ng
Jordan. **30** At pinatahimik ni Caleb ang bayan sa harapan ni
Moises, at sinabi, Ating akyating paminsan, at ating ariin;
sapagka't kaya nating lupigin. **31** Nguni't sinabi ng mga
lalaking nagsiakyat na kasama niya, Hindi tayo makaaakyat
laban sa bayan; sapagka't sila'y malakas kay sa atin. **32**
At sila'y nagdala ng masamang balita tungkol sa lupaing
kanilang tiniktikan, sa mga anak ni Israel, na sinasabi, Ang
lupain na aming pinaroonan upang tiktikan ay isang lupain
na kinakain ang mga tumatahan doon; at lahat ng bayan na
aming nakita roon, ay mga taong malalaki. **33** At doo'y aming
nakita ang mga Nefilim, ang mga anak ni Anac, na mula sa
mga Nefilim: at kami sa aming sariling paningin ay naging
parang mga balang, at gayon din kami sa kanilang paningin.

**14** At ang buong kapisanan ay naglakas ng kanilang tinig,
at humiyaw; at ang bayan ay umiyak ng gabing yaon.
**2** At inupasala ng lahat ng mga anak ni Israel si Moises at si
Aaron: at sinabi sa kanila ng buong kapisanan, Nangamatay
na sana tayo sa lupain ng Egipto! o kaya'y nangamatay na
sana tayo sa ilang na ito! **3** At bakit kaya tayo dinala ng
Panginoon sa lupaing ito, upang tayo'y mabuwal sa tabak?
Ang ating mga asawa at ang ating mga anak ay magiging
mga huli: hindi ba magaling sa atin na tayo'y magbalik sa
Egipto? **4** At nag-sangusapan sila, Tayo'y maglagay ng isang
kapitan at tayo'y magbalik sa Egipto. **5** Nang magkagayon,
si Moises at si Aaron ay nagpatirapa sa harap ng buong
kapulungan na kapisanan ng mga anak ni Israel. **6** At
hinapak ni Josue na anak ni Nun, at ni Caleb na anak ni
Jephone, na mga kasamang tumiktik sa lupain, ang kanilang
mga suot: **7** At sinalita nila sa buong kapisanan ng mga anak
ni Israel, na sinasabi, Ang lupain na aming dinaanan upang
tiktikan ay isang napakainam na lupain. **8** Kung kalulugdan
tayo ng Panginoon ay dadalhin nga niya tayo sa lupaing
yaon, at ibibigay niya sa atin; na yao'y lupaing binubukalan
ng gatas at pulot. **9** Huwag lamang kayong manghimagsik
laban sa Panginoon, ni matakot sa bayan ng lupaing yaon,
sapagka't sila'y tinapay sa atin; ang kaniyang kalinga ay
inilayo sa kanila, at ang Panginoon ay sumasaatin: huwag
kayong matakot sa kanila. **10** Datapuwa't tinangka ng buong
kapisanan na pagbatuhanan sila. At ang kaluwalhatian ng
Panginoon ay lumitaw sa tabernakulo ng kapisanan sa lahat
ng mga anak ni Israel. **11** At sinabi ng Panginoon kay Moises,
Hanggang kailan hahamakin ako ng bayang ito? at hanggang
kailan hindi sila mananampalataya sa akin, sa lahat ng mga
tanda na aking ginawa sa kanila? **12** Aking sasaktan sila
ng salot, at hindi ko sila pamamanahan at gagawin kita na
isang bansang malaki at matibay kay sa kanila. **13** At sinabi
ni Moises sa Panginoon, Kung gayo'y mababalitaan ng
mga taga Egipto; sapagka't isinampa mo ang bayang ito ng
iyong kapangyarihan sa gitna nila; **14** At kanilang sasaysayin
sa mga tumatahan sa lupaing ito. Kanilang nabalitaan na
ikaw Panginoon, ay nasa gitna ng bayang ito; sapagka't
ikaw Panginoon, ay napakita ng mukhaan, at ang iyong
ulap ay nakatindig sa ibabaw ng mga yaon, at ikaw ay
nangunguna sa kanila, sa isang haliging ulap sa araw, at
sa isang haliging apoy sa gabi. **15** Kung iyong papatayin
nga ang bayang ito na parang isang tao, ay magsasalita
nga ang mga bansang nakabalita ng iyong kabantugan na
sasabihin, **16** Sapagka't hindi madadala ng Panginoon ang
bayang ito sa lupain, na kaniyang isinumpa sa kanila, kaya't
kaniyang pinatay sila sa ilang. **17** At ngayon, idinadalangin
ko sa iyo, na itulot mo na ang kapangyarihan ng Panginoon
ay maging dakila, ayon sa iyong sinalita, na sinasabi, **18** Ang
Panginoon ay banayad sa pagkagalit at sagana sa kaawaan,
na nagpapatawad ng kasamaan at ng pagsalangsang; at
sa anomang paraan ay hindi aariing walang muang ang
may sala, na dinadalaw ang kasamaan ng mga ama sa mga
anak sa ikatlo at sa ikaapat na salin ng lahi. **19** Ipatawad
mo, isinasamo ko sa iyo, ang kasamaan ng bayang ito
ayon sa kalakhan ng iyong kaawaan, at ayon sa iyong
pagkapatawad sa bayang ito, mula sa Egipto hanggang
ngayon. **20** At sinabi ng Panginoon, Aking pinatawad ayon
sa iyong salita: **21** Nguni't tunay, na kung paanong ako'y
buhay at kung paanong mapupuspos ng kaluwalhatian ng
Panginoon ang buong lupa: **22** Sapagka't ang lahat ng taong
yaon na nakakita ng aking kaluwalhatian at ng aking mga
tanda, na aking ginawa sa Egipto at sa ilang ay tinukso pa rin
ako nitong makasangpu, at hindi dininig ang aking tinig; **23**
Tunay na hindi nila makikita ang lupain na aking isinumpa sa
kanilang mga magulang, ni sinoman sa kanila na humamak
sa akin ay hindi makakakita: **24** Kundi ang aking lingkod
na si Caleb, sapagka't siya'y nagtaglay ng ibang diwa at
siya'y sumunod na lubos sa akin, ay aking dadalhin siya sa

lupain na kaniyang pinaroonan; at aariin ng kaniyang lahi.
25 Ngayon nga'y ang mga Amalecita at ang mga Cananeo
ay tumatahan sa libis: bukas ay magbalik kayo at kayo'y
pasa ilang sa daang patungo sa Dagat na Mapula. 26 At
sinalita ng Panginoon kay Moises at kay Aaron, na sinasabi,
27 Hanggang kailan titiisin ko ang masamang kapisanang
ito, na naguupasala laban sa akin? Aking narinig ang mga
pag-upasala ng mga anak ni Israel na kanilang inuupasala
laban sa akin. 28 Sabihin mo sa kanila, Ako'y buhay, sabi ng
Panginoon, tunay na kung paano ang sinalita ninyo sa aking
pakinig ay gayon ang gagawin ko sa inyo: 29 Ang inyong
mga bangkay ay mangabubuwal sa ilang na ito; at yaong
lahat na nangabilang sa inyo ayon sa inyong kabuoan ng
bilang, mula sa dalawang pung taong gulang na patanda
na nag-upasala laban sa akin, 30 Ay tunay na hindi kayo
papasok sa lupaing pinagtaasan ko ng aking kamay, na
patatahanan ko sana sa inyo, maliban si Caleb na anak
ni Jephone, at si Josue na anak ni Nun. 31 Nguni't ang
inyong mga bata, na inyong sinabing magiging mga huli ay
aking papapasukin, at kanilang makikilala ang lupain na
inyong itinakuwil. 32 Nguni't tungkol sa inyo, ang inyong
mga bangkay ay mangabubuwal sa ilang na ito. 33 At ang
inyong mga anak ay magiging gala sa ilang na apat na
pung taon, at kanilang tataglayin ang inyong pakikiapid,
hanggang sa ang inyong mga bangkay ay matunaw sa ilang.
34 Ayon sa bilang ng mga araw na inyong itiniktik sa lupain,
sa makatuwid baga'y apat na pung araw, sa bawa't araw ay
isang taon, ay inyong tataglayin ang inyong mga kasamaan,
na apat na pung taon, at inyong makikilala ang pagsira ko
ng kapangakuan. 35 Akong Panginoon ang nagsalita, tunay
na ito'y aking gagawin sa buong masamang kapisanang
ito, na nagpipisan laban sa akin: sa ilang na ito matutunaw
sila, at diyan sila mamamatay. 36 At ang mga lalake, na
sinugo ni Moises upang tumiktik ng lupain, na nagsipagbalik,
at nagpaupasala ng buong kapisanan laban sa kaniya sa
paghahatid ng masamang balita laban sa lupain, 37 Sa
makatuwid baga'y ang mga taong yaon na nagsipaghatid
ng masamang balita ng lupain, ay nangamatay sa salot
sa harap ng Panginoon. 38 Nguni't si Josue na anak ni
Nun, at si Caleb na anak ni Jephone, ay naiwang buhay sa
mga taong yaon na nagsiparoong tumiktik ng lupain. 39 At
sinaysay ni Moises ang mga salitang ito sa lahat ng mga
anak ni Israel: at ang bayan ay tumaghoy na mainam. 40 At
sila'y bumangong maaga sa kinaumagahan, at umakyat sila
sa taluktok ng bundok, na sinasabi, Narito kami, at kami ay
aakyat sa dakong ipinangako ng Panginoon: sapagka't kami
ay nagkasala. 41 At sinabi ni Moises, Bakit sinasalangsang
ninyo ngayon ang utos ng Panginoon, sa bagay ay hindi
ninyo ikasusulong? 42 Huwag kayong umakyat, sapagka't
ang Panginoon ay wala sa gitna ninyo; upang huwag kayong
masaktan sa harap ng inyong mga kaaway. 43 Sapagka't
nandoon ang mga Amalecita at ang mga Cananeo sa
harap ninyo, at kayo'y mangabubuwal sa tabak: sapagka't
kayo'y humiwalay sa pagsunod sa Panginoon, kaya't ang
Panginoon ay wala sa inyo. 44 Nguni't sila'y nagpumilit
umakyat sa taluktok ng bundok: gayon ma'y ang kaban ng
tipan ng Panginoon, at si Moises ay hindi nagsilabas sa
kampamento. 45 Nang magkagayon ang mga Amalecita ay
bumaba at ang mga Cananeo na tumatahan sa bundok na
yaon, ay sinaktan sila at nilupig silang hinabol, hanggang sa
Horma.

**15** At sinalita ng Panginoon kay Moises, na sinasabi, 2
Salitain mo sa mga anak ni Israel, at sabihin mo sa
kanila, Pagpasok ninyo sa lupain na inyong mga tahanan,
na aking ibibigay sa inyo, 3 At maghahandog kayo sa
Panginoon ng pinaraan sa apoy na handog na susunugin, o
ng hain upang tumupad ng panata, o ng kusang handog, o
sa inyong mga takdang kapistahan, upang gawing masarap
na amoy sa Panginoon, na mula sa bakahan, o mula sa
kawan: 4 Kung gayon ay maghandog sa Panginoon yaong
maghahandog ng alay ng isang handog na harina, na
ikasangpung bahagi ng isang efa ng mainam na harina na
hinaluan ng ikaapat na bahagi ng isang hin ng langis: 5
At ng alak na inuming handog, na ikaapat na bahagi ng
isang hin, ang iyong ihahanda na kalakip ng handog na
susunugin, o ng hain, sa bawa't kordero. 6 O kung isang
tupang lalake, ay iyong ihahanda na pinakahandog na
harina, ang dalawang ikasangpung bahagi ng isang efa
ng mainam na harina na hinaluan ng ikatlong bahagi ng
isang hin ng langis: 7 At bilang pinakainuming handog ay
iyong ihahandog ang ikatlong bahagi ng isang hin ng alak
na pinakamasarap na amoy sa Panginoon. 8 At pagka
maghahanda ka ng isang toro na handog na susunugin,
o upang ihain, sa katuparan ng isang panata, o upang
mga handog sa Panginoon tungkol sa kapayapaan; 9 Ay
kaniyang ihahandog nga na kalakip ng toro ang isang
handog na harina na tatlong ikasangpung bahagi ng isang
efa ng mainam na harina na hinaluan ng kalahating hin ng
langis. 10 At iyong ihahandog na pinakainuming handog
ay kalahating hin ng alak na pinakahandog na pinaraan
sa apoy, na pinakamasarap na amoy sa Panginoon. 11
Gayon gagawin sa bawa't toro, o sa bawa't tupang lalake, o
sa bawa't korderong lalake, o sa mga anak ng kambing.
12 Ayon sa bilang ng inyong ihahanda, ay gayon ninyong
gagawin sa bawa't isa ayon sa kanilang bilang. 13 Lahat ng
tubo sa lupain ay gagawa ng mga bagay na ito sa ganitong
paraan, sa paghahandog ng handog na pinaraan sa apoy,
na pinakamasarap na amoy sa Panginoon. 14 At kung ang

isang taga ibang bayan ay makipamayang kasama ninyo, o
sinomang nasa gitna ninyo sa buong panahon ng inyong
mga lahi, at maghahandog ng handog na pinaraan sa apoy,
na pinakamasarap na amoy sa Panginoon; ay kaniyang
gagawin ang gaya ng inyong ginagawa. **15** Sa kapisanan
ay magkakaroon ng isang palatuntunan sa inyo, at sa taga
ibang bayan na nakikipamayan sa inyo, isang palatuntunan
magpakailan man sa buong panahon ng inyong mga lahi:
kung paano kayo, ay magiging gayon din ang taga ibang
bayan sa harap ng Panginoon. **16** Isang kautusan at isang
ayos ay magkakaroon sa inyo, at sa taga ibang bayan
sa nakikipamayan sa inyo. **17** At sinalita ng Panginoon
kay Moises, na sinasabi, **18** Salitain mo sa mga anak ni
Israel, at sabihin mo sa kanila, Pagpasok ninyo sa lupaing
aking pinagdadalhan sa inyo, **19** Ay mangyayari nga, na
pagkain ninyo ng tinapay sa lupain, ay maghahandog kayo
ng isang handog na itinaas sa Panginoon. **20** Sa pinaka
una sa inyong masang harina ay maghahandog kayo ng
isang munting tinapay na pinakahandog na itinaas: kung
paano ninyo ginagawa ang handog na itinaas tungkol sa
giikan, ay gayon ninyo itataas ito. **21** Sa pinaka una sa
inyong masang harina ay magbibigay kayo sa Panginoon
ng isang handog na itinaas sa buong panahon ng inyong
mga lahi. **22** At pagka kayo'y nagkamali, at hindi ninyo
tinupad ang lahat ng utos na ito, na sinalita ng Panginoon
kay Moises, **23** Sa makatuwid baga'y lahat ng iniutos ng
Panginoon sa inyo sa pamamagitan ni Moises, mula sa araw
na lagdaan kayo ng utos ng Panginoon, at sa haharapin sa
buong panahon ng inyong mga lahi; **24** Ay mangyayari nga
na kung magkasala ng walang malay, na hindi nalalaman
ng kapisanan, na ang buong kapisanan ay maghahandog
ng isang guyang toro na pinakahandog na susunugin,
na pinakamasarap na amoy sa Panginoon, na kalakip ng
handog na harina niyaon at inuming handog niyaon, ayon sa
ayos, at isang lalaking kambing na pinakahandog dahil sa
kasalanan. **25** At itutubos ng saserdote sa buong kapisanan
ng mga anak ni Israel, at sila'y patatawarin; sapagka't isang
kamalian, at kanilang dinala ang kanilang alay, na handog
sa Panginoon na pinaraan sa apoy, at ang kanilang handog
dahil sa kasalanan sa harap ng Panginoon, dahil sa kanilang
kamalian: **26** At ang buong kapisanan ng mga anak ni Israel
ay patatawarin at ang taga ibang bayan na nakikipamayan
sa kanila; sapagka't tungkol sa buong bayang nakagawa
ng walang malay. **27** At kung ang isang tao ay nagkasala
ng walang malay, ay maghahandog nga siya ng isang
kambing na babae ng unang taon na pinakahandog dahil sa
kasalanan. **28** At itutubos ng saserdote sa taong nagkamali,
kung tunay na siya'y nagkasala ng walang malay sa harap
ng Panginoon, upang itubos sa kaniya; at siya'y patatawarin.
**29** Kayo'y magkakaroon ng isang kautusan sa kaniya na
nagkasala ng walang malay, sa kaniya na ipinanganak sa
gitna ng mga anak ni Israel, at sa taga ibang bayan na
nakikipamayan sa kanila. **30** Nguni't ang tao na makagawa
ng anoman ng buong kapusukan, maging tubo sa lupain o
taga ibang lupa, ay lumapastangan sa Panginoon; at ang
taong yaon ay ihihiwalay sa gitna ng kaniyang bayan. **31**
Sapagka't kaniyang hinamak ang salita ng Panginoon, at
kaniyang sinira ang kaniyang utos; ang taong yaon ay lubos
na ihihiwalay, ang kaniyang kasamaan ay tataglayin niya. **32**
At samantalang ang mga anak ni Israel ay nangasa ilang, ay
nakasumpong sila ng isang lalake na namumulot ng kahoy
sa araw ng sabbath. **33** At silang nakasumpong sa kaniya
na namumulot ng kahoy, ay dinala siya kay Moises, at kay
Aaron, at sa buong kapisanan. **34** At kanilang inilagay siya sa
bilangguan, sapagka't hindi pa ipinahahayag kung ano ang
gagawin sa kaniya. **35** At sinabi ng Panginoon kay Moises,
Ang lalake ay walang pagsalang papatayin; babatuhin siya
ng buong kapisanan sa labas ng kampamento. **36** At inilabas
siya ng buong kapisanan sa kampamento at kanilang binato
siya hanggang sa mamatay ng mga bato; gaya ng iniutos
ng Panginoon kay Moises. **37** At sinalita ng Panginoon
kay Moises, na sinasabi, **38** Salitain mo sa mga anak ni
Israel, at sabihin mo sa kanila na sila'y gumawa ng mga
tirintas sa mga laylayan ng kanilang mga damit sa buong
panahon ng kanilang mga lahi, at kanilang patungan ang
tirintas ng bawa't laylayan ng isang panaling bughaw: **39** At
sa inyo'y magiging isang tirintas, upang inyong mamasdan,
at inyong maalaala ang lahat ng mga utos ng Panginoon, at
inyong tuparin; at upang huwag kayong sumunod sa inyong
sariling puso at sa inyong sariling mga mata, na siya ninyong
ipinangaapid: **40** Upang inyong maalaala at gawin ang lahat
ng aking mga utos, at maging banal kayo sa inyong Dios.
**41** Ako ang Panginoon ninyong Dios, na naglabas sa inyo
sa lupain ng Egipto, upang maging inyong Dios: ako ang
Panginoon ninyong Dios.

**16** Si Core nga na anak ni Ishar, na anak ni Coath, na
anak ni Levi sangpu ni Dathan at ni Abiram na mga
anak ni Eliab, at si Hon na anak ni Peleth, na mga anak ni
Ruben, ay nagsikuha ng mga tao: **2** At sila'y tumindig sa
harap ni Moises, na kasama ng ilang mga anak ni Israel,
na dalawang daan at limang pung prinsipe sa kapisanan
na tinawag sa kapulungan na mga lalaking bantog: **3** At
sila'y nagpupulong laban kay Moises at laban kay Aaron,
at sinabi nila sa kanila, Kayo'y kumukuha ng malabis sa
inyo, dangang ang buong kapisanan ay banal, bawa't isa
sa kanila, at ang Panginoon ay nasa gitna nila: bakit nga
kayo'y magmamataas sa kapisanan ng Panginoon? **4** At
nang marinig ni Moises, ay nagpatirapa. **5** At sinalita niya

kay Core at sa kaniyang buong pulutong, na sinasabi, Sa
kinaumagahan ay ipakikilala ng Panginoon kung sino ang
kaniya, at kung sino ang banal, at kung sino ang palalapitin
niya sa kaniya: sa makatuwid baga'y ang piliin ay siyang
kaniyang palalapitin sa kaniya. **6** Ito'y inyong gawin; kumuha
kayo ng mga suuban, si Core at ang kaniyang buong
pulutong; **7** At lagyan ninyo ng apoy at patungan ninyo ng
kamangyan bukas sa harap ng Panginoon: at mangyayari
na ang tao na piliin ng Panginoon, ay siyang banal: kayo'y
kumukuha ng malabis sa inyo, kayong mga anak ni Levi.
**8** At sinabi ni Moises kay Core, Dinggin ninyo ngayon,
kayong mga anak ni Levi: **9** Minumunting bagay pa ba
ninyo na kayo'y ibinukod ng Dios ng Israel sa kapisanan ng
Israel, upang ilapit niya kayo sa kaniya, upang gawin ninyo
ang paglilingkod sa tabernakulo ng Panginoon, at upang
kayo'y tumayo sa harap ng kapisanan na mangasiwa sa
kanila; **10** At inilapit ka niya sangpu ng lahat ng iyong mga
kapatid na mga anak ni Levi? at hangarin din naman ninyo
ang pagkasaserdote? **11** Kaya't ikaw at ang iyong buong
pulutong ay napipisan laban sa Panginoon: at si Aaron, ano
nga't siya'y inyong inupasala? **12** At ipinatawag ni Moises
si Dathan at si Abiram, na mga anak ni Eliab: at kanilang
sinabi, Hindi kami sasampa: **13** Munting bagay pa ba na
kami ay iyong pinasampa sa isang lupain na binubukalan
ng gatas at pulot, upang kami ay patayin sa ilang, kundi
napapanginoon ka pa mandin sa amin? **14** Bukod dito'y
hindi mo kami dinala sa isang lupain na binubukalan ng
gatas at pulot, ni binigyan mo kami ng manang bukid at mga
ubasan: dudukitin mo ba ang mga mata ng mga taong ito?
hindi kami sasampa. **15** At si Moises ay nag-init na mainam,
at sinabi sa Panginoon, Huwag mong pagpitaganan ang
kanilang handog: ako'y hindi kumuha ng isang asno sa
kanila ni gumawa ng masama sa kanino man sa kanila. **16**
At sinabi ni Moises kay Core, Humarap ka at ang iyong
buong kapisanan sa Panginoon, ikaw, at sila, at si Aaron,
bukas: **17** At kumuha ang bawa't isa ng kaniyang suuban, at
lagyan ninyo ng kamangyan, at dalhin ninyo sa harap ng
Panginoon, na bawa't isa'y magdala ng kaniyang suuban,
na dalawang daan at limang pung suuban; ikaw naman at
si Aaron, bawa't isa sa inyo'y may kaniyang suuban. **18**
At kinuha ng bawa't isa ang kaniyang suuban, at kanilang
nilagyan ng apoy at kanilang pinatungan ng kamangyan, at
sila'y tumayo sa pintuan ng tabernakulo ng kapisanan na
kasama ni Moises at ni Aaron. **19** At pinisan ni Core ang
buong kapisanan laban sa kanila sa pintuan ng tabernakulo
ng kapisanan: at ang kaluwalhatian ng Panginoon ay lumitaw
sa buong kapisanan. **20** At sinalita ng Panginoon kay Moises
at kay Aaron, na sinasabi, **21** Humiwalay kayo sa gitna ng
kapisanang ito, upang aking lipulin sila sa isang sangdali.
**22** At sila'y nagpatirapa, at nagsabi, Oh Dios, na Dios ng
mga diwa ng lahat ng laman, sa pagkakasala ba ng isang
tao ay magagalit ka sa buong kapisanan? **23** At sinalita
ng Panginoon kay Moises, na sinasabi, **24** Salitain mo
sa kapisanan na iyong sabihin, Lumayo kayo sa palibot
ng tabernakulo ni Core, ni Dathan, at ni Abiram. **25** At si
Moises ay tumayo at naparoon kay Dathan at kay Abiram;
at ang mga matanda sa Israel ay sumunod sa kaniya. **26**
At sinalita ni Moises sa kapisanan na sinasabi, Magsilayo
kayo, isinasamo ko sa inyo, sa mga tolda ng masasamang
taong ito, at huwag kayong humipo ng anomang bagay
nila, baka kayo'y mamatay sa lahat nilang kasalanan. **27**
Gayon sila nagsilayo sa tabernakulo ni Core, ni Dathan,
at ni Abiram sa lahat ng dako: at si Dathan at si Abiram
ay nagsilabas, at nagsitayo sa pintuan ng kanilang mga
tolda, at ang kanilang mga asawa, at ang kanilang mga
anak, at ang kanilang bata. **28** At sinabi ni Moises, Dito
ninyo makikilala na ako'y sinugo ng Panginoon na gawin ang
lahat ng mga gawang ito; sapagka't hindi kinatha ng aking
sariling pagiisip. **29** Kung ang mga taong ito ay mamatay
sa karaniwang kamatayan ng lahat ng tao, o kung sila'y
dalawin ayon sa karaniwang pagdalaw sa lahat ng tao; ay
hindi nga ako sinugo ng Panginoon. **30** Nguni't kung ang
Panginoon ay lumikha ng isang bagong bagay, na anopa't
ibuka ng lupa ang kaniyang bibig, at sila'y lamunin, sangpu
ng buong nauukol sa kanila, at sila'y ibabang mga buhay sa
Sheol; ay inyo ngang mapagkikilala na minungkahi ng mga
taong ito ang Panginoon. **(Sheol h7585)** **31** At nangyari, na
pagkatapos na masalita niya ang lahat ng salitang ito, na
ang lupa na nasa ilalim nila ay bumuka: **32** At ibinuka ng
lupa ang kaniyang bibig at nilamon sila, at ang kanilang mga
sangbahayan, at ang lahat ng lalake na nauukol kay Core,
at lahat ng kanilang pag-aari. **33** Na anopa't sila at lahat ng
nauukol sa kanila, ay nababang buhay sa Sheol: at sila'y
pinagtikuman ng lupa, at sila'y nalipol sa gitna ng kapisanan.
**(Sheol h7585)** **34** At ang buong Israel na nasa palibot nila ay
tumakas sa hiyaw nila; sapagka't kanilang sinabi, Baka pati
tayo'y lamunin ng lupa. **35** At apoy ang lumabas na mula
sa Panginoon, at nilamon ang dalawang daan at limang
pung lalake na naghandog ng kamangyan. **36** At sinalita
ng Panginoon kay Moises, na sinasabi, **37** Salitain mo kay
Eleazar na anak ni Aaron na saserdote, na kaniyang kunin
ang mga suuban sa sunog, at magkalat ng apoy doon;
sapagka't mga banal yaon; **38** Pati ng mga suuban ng mga
makasalanang ito laban sa kanilang sariling buhay, at gawin
mo sa kanilang mga laminang pinukpok na pinaka pangtakip
sa dambana: sapagka't kanilang inihandog sa harap ng
Panginoon: kaya't mga banal: at magiging isang tanda sa
mga anak ni Israel. **39** At kinuha ni Eleazar na saserdote

ang mga tansong suuban na inihandog ng mga nasunog;
at kanilang pinukpok na ginawang pinaka pangtakip sa
dambana: 40 Upang maging pinakaalaala sa mga anak ni
Israel, upang sinomang ibang tao na hindi sa mga anak ni
Aaron ay huwag lumapit na magsunog ng kamangyan sa
harap ng Panginoon; upang huwag magaya kay Core at
sa kaniyang mga kasama: gaya ng sinalita ng Panginoon
sa kaniya sa pamamagitan ni Moises. 41 Datapuwa't sa
kinabukasan ay inupasala ng buong kapisanan ng mga anak
ni Israel si Moises at si Aaron, na sinasabi, Inyong pinatay
ang bayan ng Panginoon. 42 At nangyari, nang magpipisan
ang kapisanan laban kay Moises at laban kay Aaron, na
sila'y tumingin sa dako ng tabernakulo ng kapisanan; at,
narito, tinakpan ng ulap at ang kaluwalhatian ng Panginoon
ay lumitaw. 43 At si Moises at si Aaron ay naparoon sa tapat
ng tabernakulo ng kapisanan. 44 At sinalita ng Panginoon
kay Moises, na sinasabi, 45 Lumayo kayo sa gitna ng
kapisanang ito, upang aking lipulin sila sa isang sangdali.
At sila'y nagpatirapa. 46 At sinabi ni Moises kay Aaron,
Kunin mo ang iyong suuban, at lagyan mo ng apoy mula
sa dambana at patungan ng kamangyan, at dalhin mong
madali sa kapisanan, at itubos mo sa kanila: sapagka't
may galit na lumabas sa harap ng Panginoon; ang salot ay
nagpapasimula na. 47 At kinuha ni Aaron gaya ng sinalita
ni Moises, at siya'y tumakbo sa gitna ng kapulungan; at,
narito, ang salot ay nagpasimula sa gitna ng bayan; at siya'y
naglagay ng kamangyan at itinubos sa bayan. 48 At siya'y
tumayo sa gitna ng mga patay at ng mga buhay; at ang salot
ay tumigil. 49 Ang nangamatay nga sa salot ay labing apat
na libo at pitong daan, bukod pa yaong nangamatay dahil
kay Core. 50 At si Aaron ay nagbalik kay Moises sa pintuan
ng tabernakulo ng kapisanan: at ang salot ay tumigil.

**17** At sinalita ng Panginoon kay Moises, na sinasabi,
2 Salitain mo sa mga anak ni Israel, at kumuha ka
sa kanila ng mga tungkod, isa sa bawa't sangbahayan ng
mga magulang; sa lahat nilang mga prinsipe ayon sa mga
sangbahayan ng kanilang mga magulang, labing dalawang
tungkod: isulat mo ang pangalan ng bawa't isa sa kaniyang
tungkod. 3 At isusulat mo ang pangalan ni Aaron sa tungkod
ni Levi: sapagka't isa lamang tungkod magkakaroon sa
bawa't pangulo sa mga sangbahayan ng kanilang mga
magulang. 4 At iyong ilalagay sa tabernakulo ng kapisanan
sa harap ng patotoo, na aking pinakikipagkitaan sa inyo. 5 At
mangyayari na ang lalaking aking pipiliin, ay mamumulaklak
ang kaniyang tungkod: at aking ipatitigil sa akin, ang mga
pag-upasala ng mga anak ni Israel, na kanilang iniupasala
laban sa inyo. 6 At si Moises ay nagsalita sa mga anak
ni Israel, at ang lahat nilang mga prinsipe ay nagbigay
sa kaniya ng tungkod, na bawa't pangulo ay isa, ayon
sa mga sangbahayan ng kanilang mga magulang, labing
dalawang tungkod: at ang tungkod ni Aaron ay nasa gitna
ng kanilang mga tungkod. 7 At inilagay ni Moises ang
mga tungkod sa harap ng Panginoon sa tabernakulo ng
patotoo; 8 At nangyari nang kinabukasan, na si Moises
ay pumasok sa tabernakulo ng patotoo; at, narito, na ang
tungkod ni Aaron sa sangbahayan ni Levi ay namulaklak at
nagkaroon ng mga hinog na almendras. 9 At mula sa harap
ng Panginoon ay inilabas ni Moises ang lahat ng tungkod
sa lahat ng mga anak ni Israel: at kanilang pinagmalas, at
kinuha ng bawa't lalake ang kaniyang tungkod. 10 At sinabi
ng Panginoon kay Moises, Ibalik mo ang tungkod ni Aaron
sa harap ng patotoo, upang ingatang pinakatanda laban
sa mga anak ng panghihimagsik; upang iyong wakasan
ang kanilang mga pag-upasala laban sa akin, upang huwag
silang mamatay. 11 Gayon ginawa ni Moises: kung paanong
iniutos ng Panginoon sa kaniya, ay gayon niya ginawa. 12
At sinalita ng mga anak ni Israel kay Moises, na sinasabi,
Narito, kami ay mga patay, kami ay napahamak, kaming
lahat ay napahamak. 13 Lahat ng lumalapit, na lumalapit sa
tabernakulo ng Panginoon, ay namamatay: kami bang lahat
ay malilipol?

**18** At sinabi ng Panginoon kay Aaron, Ikaw at ang iyong
mga anak at ang sangbahayan ng iyong mga magulang
na kasama mo ay magtataglay ng kasamaan ng santuario: at
ikaw at ang iyong mga anak na kasama mo ay magtataglay
ng kasamaan ng inyong pagkasaserdote. 2 At ang iyong
mga kapatid naman, ang lipi ni Levi, ang lipi ng iyong ama,
ay palalapitin mo sa iyo upang sila'y lumakip sa iyo at
mangasiwa sa iyo: nguni't ikaw at ang iyong mga anak
na kasama mo, ay lalagay sa harap ng tabernakulo ng
patotoo. 3 At kanilang iingatan ang iyong katungkulan, at ang
katungkulan ng buong tolda: huwag lamang silang lalapit
sa mga kasangkapan ng santuario ni sa dambana, upang
huwag silang mamatay, ni maging kayo. 4 At sila'y lalakip
sa iyo, at mag-iingat ng katungkulan sa tabernakulo ng
kapisanan, sa buong paglilingkod sa tolda: at sinomang taga
ibang lupa ay huwag lalapit sa inyo. 5 At inyong iingatan ang
katungkulan ng santuario, at ang katungkulan ng dambana;
upang huwag nang magkaroon pa ng kagalitan sa mga anak
ni Israel. 6 At ako, narito, aking pinili ang inyong mga kapatid
na mga Levita sa gitna ng mga anak ni Israel: sa inyo sila
ay isang kaloob, na bigay sa Panginoon, upang gawin ang
paglilingkod sa tabernakulo ng kapisanan. 7 At iingatan
mo at ng iyong mga anak na kasama mo at ang inyong
pagkasaserdote sa bawa't bagay ng dambana; at doon sa
nasa loob ng tabing; at kayo'y maglilingkod: aking ibinibigay
sa inyo ang pagkasaserdote na parang isang paglilingkod na
kaloob: at ang taga ibang lupa na lumapit ay papatayin. 8

At sinalita ng Panginoon kay Aaron, At ako'y, narito, aking
ibinigay sa iyo ang katungkulan sa mga handog na itinaas
sa aking, lahat ng mga banal na bagay ng mga anak ni
Israel; aking ibinigay sa iyo dahil sa pagpapahid, at sa iyong
mga anak na marapat na bahagi ninyo, magpakailan man. **9**
Ito'y magiging iyo sa mga pinakabanal na bagay, na hindi
pinaraan sa apoy: bawa't alay nila, bawa't handog na harina
nila, at bawa't handog nila dahil sa kasalanan, at bawa't
handog nila dahil sa pagkakasala na kanilang ihahandog sa
akin, ay magiging pinaka banal sa iyo at sa iyong mga anak.
**10** Gaya ng mga kabanalbanalang bagay ay kakain ka ng
mga iyan: bawa't lalake ay kakain niyaon magiging banal na
bagay sa iyo. **11** At ito ay iyo; ang handog na itinaas na
kanilang kaloob, sa makatuwid baga'y ang lahat ng mga
handog na inalog ng mga anak ni Israel: aking ibinigay sa
iyo, at sa iyong mga anak na lalake at babae na kasama mo
na marapat na bahagi magpakailan man: bawa't malinis sa
iyong bahay ay kakain niyaon. **12** Lahat ng pinakamainam
sa langis, at lahat ng pinakamainam sa alak, at sa trigo,
ang mga pinakaunang bunga ng mga yaon na kanilang
ibibigay sa Panginoon, ay ibibigay ko sa iyo. **13** Ang mga
unang hinog na bunga ng lahat na nasa kanilang lupain, na
kanilang dinadala sa Panginoon, ay magiging iyo; bawa't
malinis sa iyong bahay ay kakain niyaon. **14** Lahat ng mga
bagay na natatalaga sa Israel ay magiging iyo. **15** Lahat
ng mga bagay na nagbubukas ng bahay-bata, sa lahat ng
laman na kanilang inihahandog sa Panginoon, sa mga tao
at gayon din sa mga hayop, ay magiging iyo: gayon man
ang panganay sa tao ay tunay na iyong tutubusin, at ang
panganay sa maruruming hayop ay iyong tutubusin. **16** At
yaong mga matutubos sa kanila, mula sa isang buwang
gulang ay iyong tutubusin, ayon sa iyong pagkahalaga,
ng limang siklong pilak, ayon sa siklo ng santuario (na
dalawang pung gera). **17** Nguni't ang panganay ng baka,
o ang panganay ng tupa, o ang panganay ng kambing
ay huwag mong tutubusin; mga banal: iyong iwiwisik ang
kanilang dugo sa ibabaw ng dambana, at iyong susunugin
ang kanilang taba na pinakahandog na pinaraan sa apoy, na
pinakamasarap na amoy sa Panginoon. **18** At ang laman
nila ay magiging iyo, gaya ng dibdib na inalog at gaya ng
kanang hita ay magiging iyo. **19** Lahat ng mga handog
na itinaas sa mga banal na bagay na ihahandog ng mga
anak ni Israel sa Panginoon, ay aking ibinigay sa iyo, at
sa iyong mga anak na lalake at babae na kasama mo,
na marapat na bahagi magpakailan man: tipan ng asin
magpakailan man sa harap ng Panginoon sa iyo, at sa iyong
binhi na kasama mo. **20** At sinabi ng Panginoon kay Aaron,
Huwag kang magkakaroon ng mana sa kanilang lupain, ni
magkakaroon ka ng anomang bahagi sa gitna nila: ako ang
iyong bahagi at ang iyong mana sa gitna ng mga anak ni
Israel. **21** At sa mga anak ni Levi, ay narito, aking ibinigay
ang lahat ng ikasangpung bahagi sa Israel na pinakamana,
na ganti sa kanilang paglilingkod na kanilang ipinaglilingkod,
sa makatuwid baga'y sa paglilingkod sa tabernakulo ng
kapisanan. **22** At sa haharapin ay huwag lalapit ang mga
anak ni Israel sa tabernakulo ng kapisanan, baka sila'y
magtaglay ng kasalanan, at mamatay. **23** Nguni't gagawin ng
mga Levita ang paglilingkod ng tabernakulo ng kapisanan; at
kanilang tataglayin ang kanilang kasamaan: ito'y magiging
palatuntunan magpakailan man sa buong panahon ng inyong
mga lahi, at sa gitna ng mga anak ni Israel ay hindi sila
magkakaroon ng mana. **24** Sapagka't ang ikasangpung
bahagi ng tinatangkilik ng mga anak ni Israel na kanilang
ihahandog na pinakahandog na itinaas sa Panginoon, ay
aking ibinigay sa mga Levita na pinakamana: kaya't aking
sinabi sa kanila, Sa gitna ng mga anak ni Israel ay hindi
sila magkakaroon ng mana. **25** At sinalita ng Panginoon
kay Moises, na sinasabi, **26** Bukod dito'y sasalitain mo sa
mga Levita, at sasabihin mo sa kanila, Pagkuha ninyo sa
mga anak ni Israel ng ikasangpung bahagi na aking ibinigay
sa inyo mula sa kanila na inyong pinakamana, ay inyong
ihahandog nga na pinakahandog na itinaas sa Panginoon,
ang ikasangpung bahagi ng ikasangpung bahagi. **27** At ang
inyong handog na itinaas ay ibibilang sa inyo, na parang trigo
ng giikan at ng kasaganaan ng pisaan ng ubas. **28** Ganito rin
kayo maghahandog ng handog na itinaas sa Panginoon sa
inyong buong ikasangpung bahagi, na inyong tinatanggap sa
mga anak ni Israel; at ganito ibibigay ninyo ang handog na
itinaas sa Panginoon kay Aaron na saserdote. **29** Sa lahat ng
inyong natanggap na kaloob ay inyong ihahandog ang bawa't
handog na itinaas sa Panginoon, ang lahat ng pinakamainam
niyaon, sa makatuwid baga'y ang banal na bahagi niyaon.
**30** Kaya't iyong sasabihin sa kanila, Pagka inyong naitaas
ang pinakamainam sa handog, ay ibibilang nga sa mga
Levita, na parang bunga ng giikan, at parang pakinabang
sa pisaan ng ubas. **31** At inyong kakanin saa't saan man,
ninyo at ng inyong mga kasangbahay: sapagka't kabayaran
sa inyo, na ganti sa inyong paglilingkod sa tabernakulo ng
kapisanan. **32** At hindi kayo magtataglay ng kasalanan dahil
dito, pagka inyong naitaas ang pinakamainam sa mga yaon:
at huwag ninyong lalapastanganin ang mga banal na bagay
ng mga anak ni Israel, upang huwag kayong mamatay.

**19** At sinalita ng Panginoon kay Moises at kay Aaron,
na sinasabi, **2** Ito ang palatuntunan ng kautusan na
iniutos ng Panginoon, na sinasabi, Salitain mo sa mga anak
ni Israel, na sila'y magdala sa iyo ng isang mapulang guyang
bakang babae, na walang kapintasan, na walang dungis, na
hindi pa napapatungan ng pamatok. **3** At ibibigay ninyo kay

Eleazar na saserdote, at kaniyang ilalabas sa kampamento
at papatayin ng isa sa kaniyang harapan: **4** At si Eleazar
na saserdote ay dadampot ng dugo sa pamamagitan ng
kaniyang daliri, at magwiwisik ng dugo na makapito sa
dakong harap ng tabernakulo ng kapisanan: **5** At susunugin
ng isa sa paningin niya ang guyang bakang babae; ang balat
niyaon at ang laman niyaon, at ang dugo niyaon, sangpu
ng dumi niyaon, ay susunugin niya: **6** At ang saserdote ay
kukuha ng kahoy na sedro, at ng isopo, at ng kulay grana, at
ihahagis sa gitna ng pinagsusunugan sa guyang bakang
babae. **7** Saka lalabhan ng saserdote ang kaniyang mga
suot at kaniyang paliliguan ang kaniyang laman sa tubig,
at pagkatapos ay papasok siya sa kampamento at ang
saserdote ay magiging marumi hanggang sa hapon. **8** At
yaong sumunog sa baka ay maglalaba ng kaniyang mga
suot sa tubig at kaniyang paliliguan ang kaniyang laman
sa tubig, at magiging marumi hanggang sa hapon. **9** At
pupulutin ng isang taong malinis ang mga abo ng guyang
bakang babae at ilalagay sa labas ng kampamento sa isang
dakong malinis; at iingatan ukol sa kapisanan ng mga anak
ni Israel na pinaka tubig para sa karumihan: handog nga
dahil sa kasalanan. **10** At yaong pumulot ng mga abo ng
guyang bakang babae ay maglalaba ng kaniyang mga suot,
at magiging marumi hanggang sa hapon; at sa mga anak ni
Israel at sa taga ibang bayan na nakikipamayan sa kanila,
ay magiging isang palatuntunan magpakailan man. **11** Ang
makahipo ng bangkay ng sinomang tao, ay magiging marumi
na pitong araw: **12** Ang gayon ay maglilinis sa pamamagitan
ng tubig na yaon sa ikatlong araw, at sa ikapitong araw
ay magiging malinis: nguni't kung siya'y hindi maglinis sa
ikatlong araw, ay hindi nga siya magiging malinis sa ikapitong
araw. **13** Sinomang humipo ng patay, ng bangkay ng taong
patay, at hindi maglilinis, ay ihahawa ang tabernakulo ng
Panginoon; at ang taong yaon ay ihihiwalay sa Israel:
sapagka't ang tubig para sa karumihan ay hindi iniwisik sa
kaniya, siya'y magiging marumi; ang kaniyang karumihan ay
sumasakaniya pa. **14** Ito ang kautusan pagka ang isang tao
ay namamatay sa isang tolda: lahat na pumapasok sa tolda
at lahat na nasa tolda ay magiging maruming pitong araw.
**15** At bawa't sisidlang bukas na walang takip na nakatali
roon, ay marumi. **16** At sinomang humipo sa luwal na parang
ng alin mang pinatay ng tabak, o ng bangkay, o ng buto ng
tao, o ng libingan, ay magiging maruming pitong araw. **17**
At sa taong marumi, ay kukuha sila ng mga abo sa sunog
niyang handog dahil sa kasalanan, sa mga yaon ay ilalagay
ang tubig na buhay sa isang sisidlan. **18** At isang malinis
na tao ay kukuha ng isopo, at itutubog sa tubig at iwiwisik
sa tolda at sa lahat ng kasangkapan, at sa mga taong
nandoon, at sa humipo ng buto, o ng bangkay, o ng patay, o
ng libingan: **19** At iwiwisik ng taong malinis sa marumi sa
ikatlong araw, at sa ikapitong araw: at lilinisin niya siya sa
ikapitong araw; at siya'y maglalaba ng kaniyang mga suot,
at maliligo sa tubig at magiging malinis sa hapon. **20** Nguni't
ang taong magiging marumi, at hindi maglilinis, ay ihihiwalay
ang taong yaon sa gitna ng kapulungan, sapagka't kaniyang
inihawa ang santuario ng Panginoon: ang tubig para sa
karumihan ay hindi nawisik sa kaniya; siya'y marumi. **21**
At ito'y magiging isang palatuntunan magpakailan man sa
kanila: at yaong nagwiwisik ng tubig para sa karumihan,
ay maglalaba ng kaniyang mga suot; at yaong humipo ng
tubig para sa karumihan ay magiging marumi hanggang sa
hapon. **22** At anomang hipuin ng taong marumi ay magiging
marumi; at ang taong humipo niyaon ay magiging marumi
hanggang sa hapon.

**20** At ang mga anak ni Israel, sa makatuwid baga'y ang
buong kapisanan ay nagsipasok sa ilang ng Zin nang
unang buwan: at ang bayan ay tumahan sa Cades; at si
Miriam ay namatay doon, at inilibing doon. **2** At walang
tubig na mainom ang kapisanan; at sila'y nagpulong laban
kay Moises at laban kay Aaron. **3** At sinisi ng bayan si
Moises, at nagsipagsalita, na sinasabi, Ibigin sana na kami
ay nangamatay, nang mamatay ang aming mga kapatid sa
harap ng Panginoon! **4** At bakit ninyo dinala ang kapulungan
ng Panginoon sa ilang na ito, upang mamatay rito, kami at
ang aming mga hayop? **5** At bakit ninyo kami pinasampa
mula sa Egipto, upang dalhin kami sa masamang dakong
ito? hindi dakong bukirin, o ng igos; o ng ubasan, o ng mga
granada; at wala kahit tubig na mainom. **6** At si Moises
at si Aaron ay umalis sa harap ng kapulungan at napasa
pintuan ng tabernakulo ng kapisanan, at nangagpatirapa: at
ang kaluwalhatian ng Panginoon ay lumitaw sa kanila. **7** At
sinalita ng Panginoon kay Moises, na sinasabi, **8** Hawakan
mo ang tungkod, at pisanin mo ang kapisanan, pisanin mo
at ni Aaron na iyong kapatid, at magsalita kayo sa bato
sa harap ng kanilang mga mata, na ibibigay niyaon ang
kaniyang tubig; at ikukuha mo sila ng tubig sa bato: sa ganito
paiinumin mo ang kapisanan at ang kanilang mga hayop. **9**
At kinuha ni Moises ang tungkod sa harap ng Panginoon, na
gaya ng iniutos sa kaniya. **10** At pinisan ni Moises at ni Aaron
ang kapulungan sa harap ng bato, at kaniyang sinabi sa
kanila, Makinig kayo ngayon, mga mapanghimagsik, ikukuha
ba namin kayo ng tubig sa batong ito? **11** At itinaas ni Moises
ang kaniyang kamay, at pinalong makalawa ang bato ng
kaniyang tungkod: at ang tubig ay lumabas na sagana, at
ang kapisanan ay uminom at ang kanilang mga hayop. **12** At
sinabi ng Panginoon kay Moises at kay Aaron, Sapagka't
hindi kayo sumampalataya sa akin upang ipakilala ninyong
banal ako sa mga mata ng mga anak ni Israel, kaya't hindi

ninyo dadalhin ang kapisanang ito sa lupain na aking ibinigay
sa kanila. 13 Ito ang tubig ng Meriba; sapagka't sinisi ng mga
anak ni Israel ang Panginoon, at siya'y napakilalang banal
sa kanila. 14 At si Moises ay nagutos ng mga sugo sa hari
sa Edom mula sa Cades, na ipinasabi, Ganito, ang sabi ng
iyong kapatid na Israelita, Talastas mo ang buong kahirapan
na dumating sa amin: 15 Kung paanong ang aming mga
magulang ay bumaba sa Egipto, at kami ay tumahan sa
Egipto na malaong panahon, at inalipusta ng mga Egipcio
kami at ang aming mga magulang: 16 At nang kami ay
dumaing sa Panginoon ay dininig niya ang aming tinig, at
nagsugo siya ng isang anghel, at inilabas kami sa Egipto: at,
narito, kami ay nasa Cades, na isang bayan na nasa dulo ng
iyong hangganan: 17 Isinasamo ko sa iyo, na paraanin mo
kami, sa iyong lupain: hindi kami dadaan sa kabukiran o sa
ubasan, ni di kami iinom ng tubig sa mga balon: kami ay
manunuwid sa maluwang na lansangan, hindi kami liliko
sa dakong kanan ni sa dakong kaliwa man hanggang sa
maraanan namin ang iyong hangganan. 18 At sinabi ni
Edom sa kaniya, Huwag kang magdadaan sa aking lupain,
baka kita'y salubungin ng tabak. 19 At sinabi ng mga anak ni
Israel sa kaniya, Kami ay aahon sa lansangan: at kung kami
ay uminom ng iyong tubig, ako at ang aking mga hayop,
ay pagbabayaran ko ang halaga: pahintulutan mo lamang
ako na makaraan ng aking mga paa na walang anoman. 20
At kaniyang sinabi, Huwag kang magdadaan. At si Edom
ay lumabas laban sa kaniya na may dalang maraming tao,
at may malakas na kamay. 21 Ganito tumanggi si Edom
na paraanin ang Israel sa kaniyang hangganan: kaya't ang
Israel ay lumayo sa kaniya. 22 At sila'y naglakbay mula sa
Cades: at ang mga anak ni Israel, sa makatuwid baga'y ang
buong kapisanan, ay napasa bundok ng Hor. 23 At sinalita
ng Panginoon kay Moises at kay Aaron sa bundok ng Hor,
sa tabi ng hangganan ng lupain ng Edom, na sinasabi, 24
Si Aaron ay malalakip sa kaniyang bayan: sapagka't siya'y
hindi makapapasok sa lupain na aking ibinigay sa mga
anak ni Israel, sapagka't kayo'y nagsipanghimagsik laban sa
aking salita sa tubig ng Meriba. 25 Dalhin mo si Aaron at si
Eleazar na kaniyang anak, at isampa mo sila sa bundok
ng Hor. 26 At hubaran mo si Aaron ng kaniyang mga suot
at isuot mo kay Eleazar na kaniyang anak: at si Aaron ay
malalakip sa kaniyang bayan, at doon siya mamamatay.
27 At ginawa ni Moises gaya ng iniutos ng Panginoon: at
sila'y sumampa sa bundok ng Hor sa paningin ng buong
kapisanan. 28 At hinubaran ni Moises si Aaron, ng kaniyang
mga suot, at isinuot kay Eleazar na kaniyang anak; at
namatay si Aaron doon sa taluktok ng bundok: at si Moises
at si Eleazar ay bumaba sa bundok. 29 At nang makita
ng buong kapisanan na si Aaron ay namatay, ay kanilang
tinangisan si Aaron na tatlong pung araw, sa makatuwid
baga'y ng buong sangbahayan ni Israel.

**21** At ang Cananeo, na hari sa Arad, na tumatahan sa
Timugan ay nakabalita na ang Israel ay dumating sa
daan ng Atarim; at nilabanan niya ang Israel at binihag
ang iba sa kanila. 2 At ang Israel ay nanata sa Panginoon,
at nagsabi, Kung tunay na ibibigay mo ang bayang ito sa
aking kamay, ay aking lubos na gigibain nga ang kanilang
mga bayan. 3 At dininig ng Panginoon ang tinig ng Israel,
at ibinigay ang Cananeo sa kanila, at kanilang lubos na
nilipol sila at ang kanilang mga bayan: at ang ipinangalan sa
dakong yaon ay Horma. 4 At sila'y naglakbay mula sa bundok
ng Hor na napasa daang patungo sa Dagat na Mapula upang
lumiko sa lupain ng Edom; at ang damdamin ng bayan ay
nainip dahil sa daan. 5 At ang bayan ay nagsalita laban
sa Dios at laban kay Moises: Bakit ninyo kami pinasampa
mula sa Egipto, upang mamatay sa ilang? sapagka't walang
tinapay at walang tubig; at ang aming kaluluwa ay nasusuya
na sa manang ito. 6 At ang Panginoon ay nagsugo ng
mababangis na ahas sa gitna ng bayan, at kanilang kinagat
ang bayan: at maraming tao sa Israel ay namatay. 7 At
ang bayan ay naparoon kay Moises, at nagsabi, Kami ay
nagkasala, sapagka't kami ay nagsalita laban sa Panginoon,
at laban sa iyo; idalangin mo sa Panginoon, na kaniyang
alisin sa amin ang mga ahas. At idinalangin ni Moises ang
bayan. 8 At sinabi ng Panginoon kay Moises, Gumawa ka
ng isang mabagsik na ahas at ipatong mo sa isang tikin: at
mangyayari, na bawa't taong makagat, ay mabubuhay pag
tumingin doon. 9 At si Moises ay gumawa ng isang ahas na
tanso at ipinatong sa isang tikin: at nangyari, na pag may
nakagat ng ahas ay nabubuhay pagtingin sa ahas na tanso,
10 At ang mga anak ni Israel ay naglakbay, at humantong sa
Oboth. 11 At sila'y naglakbay mula sa Oboth, at humantong
sa Ije-abarim sa ilang na nasa tapat ng Moab, sa dakong
sinisikatan ng araw. 12 Mula roon ay naglakbay sila, at
humantong sa libis ng Zared. 13 Mula roon ay naglakbay
sila, at humantong sa kabilang ibayo ng Arnon, na nasa ilang
na lumalabas sa hangganan ng mga Amorrheo: sapagka't
ang Arnon ay hangganan ng Moab, na nasa pagitan ng
Moab at ng mga Amorrheo. 14 Kaya't sinasabi sa aklat ng
Mga Pakikipagbaka ng Panginoon, Ang Vaheb ay sa Sufa,
At ang mga libis ng Arnon, 15 At ang kiling ng mga libis
Na kumikiling sa dakong tahanan ng Ar, At humihilig sa
hangganan ng Moab. 16 At mula roon, ay napasa Beer
sila, na siyang balong pinagsabihan ng Panginoon kay
Moises, Pisanin mo ang bayan at aking bibigyan sila ng
tubig. 17 Nang magkagayo'y inawit ng Israel ang awit na ito:
Bumalong ka, Oh balon; awitan ninyo siya; 18 Siyang balong
hinukay ng mga prinsipe, Na pinalalim ng mga mahal sa

bayan, Ng setro at ng kanilang mga tungkod. At mula sa
ilang, sila'y napasa Mathana. 19 At mula sa Mathana ay
napasa Nahaliel: at mula sa Nahaliel ay napasa Bamoth;
20 At mula sa Bamoth ay napasa libis na nasa bukid ng
Moab, sa taluktok ng Pisga, na patungo sa ilang. 21 At
ang Israel ay nagutos ng mga sugo kay Sehon, na hari ng
mga Amorrheo, na sinasabi, 22 Paraanin mo ako sa iyong
lupain: kami ay hindi liliko sa bukid, ni sa ubasan; kami ay
hindi iinom ng tubig ng mga balon: kami ay magdadaan sa
maluwang na lansangan, hanggang sa aming maraanan ang
iyong hangganan. 23 At hindi ipinahintulot paraanin ni Sehon
ang Israel sa kaniyang hangganan: kungdi pinisan ni Sehon
ang kaniyang buong bayan, at lumabas sa ilang laban sa
Israel at dumating hanggang Jahaz: at nilabanan ang Israel.
24 At sinaktan siya ng Israel ng talim ng tabak, at inari ang
kaniyang lupain mula sa Arnon hanggang Jaboc, hanggang
sa mga anak ni Ammon: sapagka't ang hangganan ng mga
anak ni Ammon ay matibay. 25 At sinakop ng Israel ang lahat
ng mga bayang ito: at ang Israel ay tumahan sa lahat ng
mga bayan ng mga Amorrheo, sa Hesbon at sa lahat ng mga
bayan niyaon. 26 Sapagka't ang Hesbon ay siyang bayan ni
Sehon na hari ng mga Amorrheo, na siyang nakipaglaban
sa unang hari sa Moab, at sumakop ng buong lupain niyaon
sa kaniyang kamay hanggang sa Arnon. 27 Kaya't yaong
mga nagsasalita ng mga kawikaan ay nagsasabi, Halina
kayo sa Hesbon, Itayo at itatag ang bayan ni Sehon: 28
Sapagka't may isang apoy na lumabas sa Hesbon, Isang
liyab na mula sa bayan ni Sehon: Na sumupok sa Ar ng
Moab, Sa mga panginoon sa matataas na dako ng Arnon.
29 Sa aba mo, Moab! Ikaw ay napahamak, Oh bayan ni
Chemos: Na nagpagala ng kaniyang mga anak na lalake, At
ipinabihag ang kaniyang mga anak na babae, Kay Sehon na
hari ng mga Amorrheo. 30 Aming pinana sila; ang Hesbon ay
namatay hanggang sa Dibon, At aming iniwasak hanggang
Nopha, Na umaabot hanggang Medeba. 31 Ganito tumahan
ang Israel sa lupain ng mga Amorrheo. 32 At si Moises ay
nagsugo upang tumiktik sa Jazer, at kanilang sinakop ang
mga bayan niyaon at pinalayas nila ang mga Amorrheo na
nandoon. 33 At sila'y lumiko at umahon sa daan ng Basan:
at si Og na hari sa Basan ay lumabas laban sa kanila, siya
at ang buong bayan niya, upang makipagbaka sa Edrei.
34 At sinabi ng Panginoon kay Moises, Huwag mo siyang
katakutan; sapagka't aking ibinigay siya sa iyong kamay,
at ang buong bayan niya, at ang kaniyang lupain, at iyong
gagawin sa kaniya ang gaya ng iyong ginawa kay Sehon na
hari ng mga Amorrheo, na tumahan sa Hesbon. 35 Gayon
nila sinaktan siya, at ang kaniyang mga anak, at ang buong
bayan niya hanggang sa walang natira sa kaniya: at kanilang
inari ang kaniyang lupain.

**22** At ang mga anak ni Israel ay naglakbay at humantong
sa mga kapatagan ng Moab sa dako roon ng Jordan
na nasa tapat ng Jerico. 2 At nakita ni Balac na anak ni
Zippor ang lahat ng ginawa ng Israel sa mga Amorrheo. 3 At
ang Moab ay natakot na mainam sa bayan, sapagka't sila'y
marami: at ang Moab ay nagulumihanan dahil sa mga anak
ni Israel. 4 At sinabi ng Moab sa mga matanda sa Madian,
Ngayon ay hihimuran ng karamihang ito yaong lahat na
nasa palibot natin, gaya ng baka na humihimod sa damo
sa parang. At si Balac na anak ni Zippor, ay hari sa Moab
ng panahong yaon. 5 At siya'y nagutos ng mga sugo kay
Balaam na anak ni Beor, hanggang sa Pethor na nasa tabi
ng ilog, hanggang sa lupain ng mga anak ng kaniyang bayan,
upang tawagin siya, na sabihin, Narito, may isang bayan na
lumabas mula sa Egipto: narito, kanilang tinatakpan ang
ibabaw ng lupa, at sila'y nangakatayo laban sa akin: 6 Parito
ka ngayon, isinasamo ko sa iyo, na sumpain mo sa akin ang
bayang ito; sapagka't sila'y totoong makapangyarihan kay sa
akin; marahil ako'y mananaig, na aming masasaktan sila, at
aking silang mapalalayas sa lupain; sapagka't talastas ko na
ang iyong pinagpapala ay mapalad at ang iyong sinusumpa
ay mapapasama. 7 At ang mga matanda sa Moab at
ang mga matanda sa Madian, ay nagsiparoon na dala sa
kanilang kamay ang mga ganting pala sa panghuhula; at
sila'y dumating kay Balaam at sinalita nila sa kaniya ang
mga salita ni Balac. 8 At kaniyang sinabi sa kanila, Dito
na kayo tumuloy ngayong gabi, at bibigyan ko kayo ng
kasagutan, kung ano ang sasalitain ng Panginoon sa akin; at
ang mga prinsipe sa Moab ay tumuloy na kasama ni Balaam.
9 At ang Dios ay naparoon kay Balaam, at nagsabi, Sinong
mga tao itong kasama mo? 10 At sinabi ni Balaam sa Dios,
Si Balac, na anak ni Zippor, hari sa Moab, ay nagpasugo
sa akin, na sinasabi, 11 Narito, ang bayan na lumabas sa
Egipto, ay tumatakip sa ibabaw ng lupa: ngayo'y parito ka,
sumpain mo sila sa akin; marahil ako'y makababaka sa
kanila, at sila'y aking mapalalayas. 12 At sinabi ng Dios
kay Balaam, Huwag kang paroroong kasama nila; huwag
mong susumpain ang bayan; sapagka't sila'y pinagpala. 13
At si Balaam ay bumangon nang kinaumagahan, at sinabi
sa mga prinsipe ni Balac, Yumaon kayo sa inyong lupain:
sapagka't ipinagkait ng Panginoon ang pahintulot na ako'y
pumaroong kasama ninyo. 14 At ang mga prinsipe sa Moab
ay bumangon, at sila'y naparoon kay Balac, at nagsabi, Si
Balaam ay tumangging pumarito na kasama namin. 15 At
si Balac ay nagsugong muli ng marami pang prinsipe, at
lalong mga mahal kay sa kanila. 16 At sila'y naparoon kay
Balaam at nagsabi sa kaniya, Ganito ang sabi ni Balac na
anak ni Zippor, Isinasamo ko sa iyo, na ang anomang bagay
huwag mong tulutan na makaabala sa iyo sa pagparito mo

sa akin: 17 Sapagka't ikaw ay aking papupurihan ng mga
dakilang karangalan, at anomang sabihin mo sa akin ay
gagawin ko: parito ka nga, isinasamo ko sa iyo, na sumpain
mo sa akin ang bayang ito. 18 At si Balaam ay sumagot at
nagsabi sa mga lingkod ni Balac, Kahit ibigay sa akin ni
Balac ang kaniyang bahay na puno ng pilak at ginto, ay hindi
ko masasalangsang ang salita ng Panginoon kong Dios, na
ako'y gumawa ng kulang o higit. 19 Ngayon nga, isinasamo
ko sa inyo, na tumuloy rin kayo rito ngayong gabi, upang
aking maalaman kung ano ang sasalitain pa ng Panginoon
sa akin. 20 At ang Dios ay naparoon kay Balaam nang
kinagabihan, at nagsabi sa kaniya, Kung ang mga taong iyan
ay nagsiparito, upang tawagin ka ay bumangon ka, sumama
ka sa kanila: nguni't ang salita lamang na aking sasalitain sa
iyo, ay siya mong gagawin. 21 At si Balaam ay bumangon
nang kinaumagahan, at siniyahan ang kaniyang asno, at
sumama sa mga prinsipe sa Moab. 22 At ang galit ng Dios
ay nagningas sapagka't siya'y naparoon: at ang anghel ng
Panginoon ay lumagay sa daan na pinaka kalaban niya.
Siya nga'y nakasakay sa kaniyang asno at ang kaniyang
dalawang alipin ay kasama niya. 23 At nakita ng asno ang
anghel ng Panginoon na nakatayo sa daan, na hawak ang
kaniyang bunot na tabak: at ang asno ay lumiko sa daan, at
napasa parang: at pinalo ni Balaam ang asno, upang ibalik
siya sa daan. 24 Nang magkagayo'y tumayo ang anghel ng
Panginoon sa isang makipot na daan sa pagitan ng mga
ubasan, na ang isang bakod ay sumasadako rito, at ang
isang bakod ay sumasadakong yaon. 25 At nakita ng asno
ang anghel ng Panginoon, at siya'y inipit sa bakod, at naipit
ang paa ni Balaam sa bakod: at kaniyang pinalo uli ang
asno. 26 At ang anghel ng Panginoon ay nagpauna uli at
tumayo sa isang makipot na dako na walang daan lilikuan
kahit sa kanan ni sa kaliwa. 27 At nakita ng asno ang anghel
ng Panginoon, at siya'y nalugmok sa ilalim ni Balaam: at ang
galit ni Balaam ay nagningas, at kaniyang pinalo ang asno
ng kaniyang tungkod. 28 At ibinuka ng Panginoon ang bibig
ng asno, at nagsabi kay Balaam, Ano ang ginawa ko sa iyo,
na ako'y pinalo mo nitong makaitlo? 29 At sinabi ni Balaam
sa asno, Sapagka't tinuya mo ako: mayroon sana ako sa
aking kamay na isang tabak, pinatay disin kita ngayon. 30
At sinabi ng asno kay Balaam, Di ba ako'y iyong asno na
iyong sinakyan sa buong buhay mo hanggang sa araw na
ito? gumawa ba kaya ako kailan man ng ganito sa iyo? At
kaniyang sinabi, Hindi. 31 Nang magkagayo'y idinilat ng
Panginoon ang mga mata ni Balaam, at kaniyang nakita ang
anghel ng Panginoon na nakatayo sa daan, na hawak ang
kaniyang bunot na tabak: at kaniyang iniyukod ang kaniyang
ulo, at nagpatirapa. 32 At sinabi sa kaniya ng anghel ng
Panginoon, Bakit mo pinalo ang iyong asno nitong makaitlo?
Narito, ako'y naparito na pinaka kalaban, sapagka't ang
iyong lakad ay masama sa harap ko: 33 At nakita ako ng
asno, at lumiko sa harap ko nitong makaitlo: kundi siya
lumihis sa harap ko, ay tunay na ngayon ay napatay kita, at
nailigtas ang kaniyang buhay. 34 At sinabi ni Balaam sa
anghel ng Panginoon, Ako'y nagkasala; sapagka't hindi ko
nalamang ikaw ay nakatayo sa daan laban sa akin: ngayon
nga, kung inaakala mong masama, ay babalik ako uli. 35 At
sinabi ng anghel ng Panginoon kay Balaam, Sumama ka sa
mga tao: nguni't ang salita lamang na aking sasalitain sa iyo,
ang siyang sasalitain mo. Sa gayon ay sumama si Balaam
sa mga prinsipe ni Balac. 36 At nang mabalitaan ni Balac
na si Balaam ay dumarating, ay lumabas upang kaniyang
salubungin siya sa bayan ng Moab, na nasa hangganan
ng Arnon, na siyang katapusang bahagi ng hangganan.
37 At sinabi ni Balac kay Balaam, Di ba ikaw ay aking
pinaparoonang dalidali upang tawagin ka? bakit nga hindi ka
naparito sa akin? hindi ba tunay na mapapupurihan kita?
38 At sinabi ni Balaam kay Balac, Narito, ako'y naparito
sa iyo: mayroon ba ako ngayong anomang kapangyarihan
na makapagsalita ng anomang bagay? ang salitang ilagay
ng Dios sa aking bibig, yaon ang aking sasalitain. 39 At
si Balaam ay sumama kay Balac, at sila'y naparoon sa
Chiriath-huzoth. 40 At naghain si Balac, ng mga baka at mga
tupa, at ipinadala kay Balaam, at sa mga prinsipe na kasama
niya. 41 At nangyari nang kinaumagahan, na isinama ni
Balac si Balaam at isinampa siya sa matataas na dako ni
Baal, at kaniyang nakita mula roon ang katapustapusang
bahagi ng bayan.

**23** At sinabi ni Balaam kay Balac, Ipagtayo mo ako rito ng
pitong dambana, at ipaghanda mo ako rito ng pitong
toro at ng pitong tupang lalake. 2 At ginawa ni Balac gaya
ng sinalita ni Balaam; at si Balac at si Balaam ay naghandog
sa bawa't dambana ng isang toro at ng isang tupang lalake.
3 At sinabi ni Balaam kay Balac, Tumayo ka sa tabi ng
iyong handog na susunugin, at ako'y yayaon; marahil ang
Panginoon ay paririto na sasalubungin ako: at anomang
bagay na kaniyang ipakita sa akin ay aking sasaysayin sa
iyo. At siya'y naparoon sa isang dakong mataas na walang
tanim. 4 At sinalubong ng Dios si Balaam: at sinabi niya
sa kaniya, Aking inihanda ang pitong dambana, at aking
inihandog ang isang toro at ang isang tupang lalake sa
bawa't dambana. 5 At nilagyan ng Panginoon ng salita ang
bibig ni Balaam, at sinabi: Bumalik ka kay Balac, at ganito
ang iyong sasalitain. 6 At siya'y bumalik sa kaniya, at, narito,
siya'y nakatayo sa tabi ng kaniyang handog na susunugin,
siya at ang lahat ng mga prinsipe sa Moab. 7 At kaniyang
ibinadya ang kaniyang talinhaga, at sinabi, Mula sa Aram ay
dinala ako rito ni Balac, Niyang hari sa Moab, na mula sa

mga bundok ng Silanganan: Parito ka, sumpain mo sa akin
ang Jacob. At parito ka, laitin mo ang Israel. **8** Paanong
aking susumpain ang hindi sinumpa ng Dios? At paanong
aking lalaitin ang hindi nilait ng Panginoon? **9** Sapagka't
mula sa taluktok ng mga bato ay aking nakikita siya, At
mula sa mga burol ay akin siyang natatanawan: Narito,
siya'y isang bayang tatahang magisa, At hindi ibinibilang sa
gitna ng mga bansa. **10** Sinong makabibilang ng alabok ng
Jacob, O ng bilang ng ikaapat na bahagi ng Israel? Mamatay
nawa ako ng kamatayan ng matuwid, At ang aking wakas
ay magiging gaya nawa ng kaniya! **11** At sinabi ni Balac
kay Balaam, Anong ginawa mo sa akin? Ipinagsama kita
upang sumpain mo ang aking mga kaaway, at, narito, iyong
pinagpala silang totoo. **12** At siya'y sumagot, at nagsabi,
Hindi ba nararapat na aking pagingatang salitain yaong
isinasa bibig ko ng Panginoon? **13** At sinabi sa kaniya ni
Balac, Isinasamo ko sa iyo, na sumama ka sa akin sa ibang
dako, na iyong pagkakakitaan sa kanila; ang iyo lamang
makikita ay ang kahulihulihang bahagi nila, at hindi mo
makikita silang lahat: at sumpain mo sila sa akin mula roon.
**14** At dinala niya siya sa parang ng Sophim, sa taluktok ng
Pisga, at nagtayo roon ng pitong dambana, at naghandog ng
isang toro, at ng isang tupang lalake sa bawa't dambana. **15**
At kaniyang sinabi kay Balac, Tumayo ka rito sa tabi ng iyong
handog na susunugin, samantalang aking sinasalubong ang
Panginoon doon. **16** At sinalubong ng Panginoon si Balaam,
at pinapagsalita siya ng salita sa kaniyang bibig, at sinabi,
bumalik ka kay Balac, at ganito ang iyong sasalitain. **17** At
siya'y naparoon sa kaniya, at, narito, siya'y nakatayo sa tabi
ng kaniyang handog na susunugin, at ang mga prinsipe sa
Moab na kasama niya. At sinabi sa kaniya ni Balac, Anong
sinalita ng Panginoon? **18** At kaniyang ibinadya ang kaniyang
talinghaga, at sinabi, Tumindig ka, Balac, at iyong dinggin;
Makinig ka sa akin, ikaw anak ni Zippor: **19** Ang Dios ay hindi
tao na magsisinungaling, Ni anak ng tao na magsisisi; Sinabi
ba niya, at hindi niya gagawin? O sinalita ba niya, at hindi
niya isasagawa? **20** Narito, ako'y tumanggap ng utos na
magpala: At kaniyang pinagpala, at hindi ko na mababago.
**21** Wala siyang nakitang kasamaan sa Jacob, Ni wala siyang
nakitang kasamaan sa Israel: Ang Panginoon niyang Dios
ay sumasa kaniya, At ang sigaw ng hari ay nasa gitna nila.
**22** Dios ang naglalabas sa kanila sa Egipto; Siya'y may lakas
na gaya ng mabangis na toro. **23** Tunay na walang enkanto
laban sa Jacob, Ni panghuhula laban sa Israel: Ngayo'y
sasabihin tungkol sa Jacob at sa Israel, Anong ginawa ng
Dios! **24** Narito, ang bayan ay tumitindig na parang isang
leong babae, At parang isang leon na nagpakataas: Siya'y
hindi mahihiga hanggang sa makakain ng huli, At makainom
ng dugo ng napatay. **25** At sinabi ni Balac kay Balaam,
Ni huwag mo silang pakasumpain ni pakapagpalain. **26**
Nguni't si Balaam ay sumagot at nagsabi kay Balac, Di ba
isinaysay ko sa iyo, na sinasabi, Yaong lahat na sinasalita
ng Panginoon, ay siya kong nararapat gawin? **27** At sinabi ni
Balac kay Balaam, Halika ngayon, ipagsasama kita sa ibang
dako; marahil ay kalulugdan ng Dios na iyong sumpain sila
sa akin mula roon. **28** At ipinagsama ni Balac si Balaam
sa taluktok ng Peor, na nakatungo sa ilang. **29** At sinabi ni
Balaam kay Balac, Ipagtayo mo ako rito ng pitong dambana,
at ipaghanda mo ako rito ng pitong toro at ng pitong tupang
lalake. **30** At ginawa ni Balac gaya ng sinabi ni Balaam,
at naghandog ng isang toro at ng isang tupang lalake sa
bawa't dambana.

**24** At nang makita ni Balaam na kinalugdan ng Panginoon
na pagpalain ang Israel, ay hindi naparoon na gaya
ng una na kumita ng pamahiin, kundi kaniyang itinitig ang
kaniyang mukha sa dakong ilang. **2** At itinaas ni Balaam
ang kaniyang mga mata, at kaniyang nakita ang Israel na
tumatahan ayon sa kanilang mga lipi; at ang Espiritu ng
Dios ay sumakaniya. **3** At kaniyang ibinadya ang kaniyang
talinhaga, at sinabi, Si Balaam na anak ni Beor ay nagsabi,
At ang lalaking napikit ang mga mata ay nagsabi; **4** Siya'y
nagsabi na nakarinig ng mga salita ng Dios, Na nakakita
ng pangitain ng Makapangyarihan sa lahat, Na nalulugmok
at nakadilat ang kaniyang mga mata: **5** Pagka iinam ng
iyong mga tolda, Oh Jacob, Ang iyong mga tabernakulo,
Oh Israel! **6** Gaya ng mga libis na nalalatag, Gaya ng mga
halamanan sa tabi ng ilog, Gaya ng linaloes na itinanim
ng Panginoon, Gaya ng mga puno ng sedro sa siping ng
tubig. **7** Tubig ay aagos mula sa kaniyang pang-igib, At
ang kaniyang binhi ay matatatag sa maraming tubig, At
ang kaniyang hari ay tataas ng higit kay Agag, At ang
kaniyang kaharian ay mababantog. **8** Dios ang naglalabas
sa kaniya sa Egipto; May lakas na gaya ng mabangis na
toro: Kaniyang lalamunin ang mga bansa na kaniyang mga
kaaway, At kaniyang pagwawaraywarayin ang kanilang mga
buto, At palalagpasan sila ng kaniyang mga pana. **9** Siya'y
yumuko, siya'y lumugmok na parang leon, At parang isang
leong babae; sinong gigising sa kaniya? Pagpalain nawa
yaong lahat na nagpapala sa iyo, At sumpain yaong lahat na
sumusumpa sa iyo. **10** At ang galit ni Balac ay nagningas
laban kay Balaam, at pinaghampas niya ang kaniyang mga
kamay; at sinabi ni Balac kay Balaam, Tinawag kita upang
iyong sumpain ang aking mga kaaway, at, narito, iyong
binasbasan totoo sila nitong makaitlo. **11** Ngayon nga ay
tumakas ka sa iyong sariling dako: aking inisip na itaas
kita sa dakilang karangalan; nguni't, narito, pinigil ka ng
Panginoon sa karangalan. **12** At sinabi ni Balaam kay Balac,
Di ba sinalita ko rin sa iyong mga sugo na iyong sinugo

sa akin, na sinasabi, 13 Kahit ibigay sa akin ni Balac ang
kaniyang bahay na puno ng pilak at ginto, ay hindi ko
masasalangsang ang salita ng Panginoon, na gumawa ako
ng mabuti o masama sa aking sariling akala; kung ano nga
ang salitain ng Panginoon, ay siya kong sasalitain? 14 At
ngayon, narito, ako'y paroroon sa aking bayan: parito ka
nga, at aking ipahahayag sa iyo ang gagawin ng bayang ito
sa iyong bayan sa mga huling araw. 15 At kaniyang ibinadya
ang kaniyang talinhaga, at sinabi, Nagsabi si Balaam na
anak ni Beor, At ang lalaking napikit ang mga mata ay
nagsabi; 16 Siya'y nagsabi, na nakarinig ng mga salita
ng Dios, At nakaalam ng karunungan ng Kataastaasan,
Na siyang nakakita ng pangitain ng Makapangyarihan
sa lahat, Na nalulugmok at nakadilat ang kaniyang mga
mata: 17 Aking makikita siya, nguni't hindi ngayon; Aking
mapagmamasdan siya, nguni't hindi sa malapit: Lalabas
ang isang bituin sa Jacob, At may isang setro na lilitaw
sa Israel, At sasaktan ang mga sulok ng Moab, At lilipulin
ang lahat ng mga anak ng kaguluhan. 18 At ang Edom ay
magiging pag-aari niya. Ang Seir man ay magiging pag-aari
niya, na siyang dating kaniyang mga kaaway; Samantalang
ang Israel ay magpapakatapang. 19 At mula sa Jacob ay
magkakaroon ng isang may kapangyarihan, At gigibain
niya sa bayan ang nalalabi. 20 At kaniyang minasdan ang
Amalec, at ibinadya ang kaniyang talinhaga, at sinabi, Ang
Amalec ay siyang dating panguna sa mga bansa; Nguni't
ang kaniyang huling wakas ay mapupuksa. 21 At kaniyang
minasdan ang Cineo, at ibinadya ang kaniyang talinhaga, at
sinabi, Matibay ang iyong dakong tahanan, At ang iyong
pugad ay nalalapag sa malaking bato. 22 Gayon ma'y
mawawasak ang Cain, Hanggang sa ikaw ay madalang
bihag ng Assur. 23 At kaniyang ibinadya ang kaniyang
talinhaga, at sinabi, Ay! sinong mabubuhay pagka ginawa ng
Dios ito? 24 Datapuwa't ang mga sasakyan ay manggagaling
sa baybayin ng Cittim. At kanilang pagdadalamhatiin ang
Assur, at kanilang pagdadalamhatiin ang Eber, At siya man
ay mapupuksa. 25 At si Balaam ay tumindig, at yumaon at
bumalik sa kaniyang sariling dako: at si Balac naman ay
yumaon ng kaniyang lakad.

**25** At ang Israel ay tumahan sa Sittim, at ang bayan ay
nagpasimulang magkasala ng pakikiapid sa mga anak
na babae ng Moab: 2 Sapagka't kanilang tinawag ang bayan
sa mga hain sa kanilang mga dios; at ang bayan ay kumain
at yumukod sa kanilang mga dios. 3 At ang Israel ay nakilakip
sa diosdiosang Baal-peor; at ang galit ng Panginoon ay
nagningas laban sa Israel. 4 At sinabi ng Panginoon kay
Moises, Ipagsama mo ang lahat ng pangulo sa bayan at
bitayin mo sila sa Panginoon sa harap ng araw, upang ang
maningas na galit ng Panginoon ay mapawi sa Israel. 5 At
sinabi ni Moises sa mga hukom sa Israel, Patayin ng bawa't
isa sa inyo yaong mga nakilakip sa diosdiosang Baal-peor. 6
At, narito, isa sa mga anak ni Israel ay naparoon at nagdala
sa kaniyang mga kapatid ng isang babaing Madianita sa
paningin ni Moises, at sa paningin ng buong kapisanan ng
mga anak ni Israel, samantalang sila'y umiiyak sa pintuan ng
tabernakulo ng kapisanan. 7 At nang makita ni Phinees,
na anak ni Eleazar, na anak ni Aaron na saserdote, ay
tumindig siya sa gitna ng kapisanan, at humawak ng isang
sibat sa kaniyang kamay; 8 At siya'y naparoon sa likod ng
lalaking Israelita sa loob ng tolda, at kapuwa niya sinaksak,
ang lalaking Israelita at ang babae sa kaniyang tiyan. Sa
gayon ang salot ay natigil sa mga anak ni Israel. 9 At yaong
nangamatay sa salot ay dalawang pu't apat na libo. 10 At
sinalita ng Panginoon kay Moises, na sinasabi, 11 Pinawi ni
Phinees na anak ni Eleazar, na anak ni Aaron na saserdote,
ang aking galit sa mga anak ni Israel, sa paraang siya'y
nagsikap dahil sa aking pagsisikap sa kanila, na anopa't hindi
ko nilipol ang mga anak ni Israel sa aking sikap. 12 Kaya't
sabihin mo, Narito, ako'y nakikipagtipan sa kaniya tungkol
sa kapayapaan: 13 At magiging kaniya, at sa kaniyang
binhi pagkamatay niya, ang tipan ng pagkasaserdoteng
walang hanggan; sapagka't siya'y nagsikap sa kaniyang
Dios, at tumubos sa mga anak ni Israel. 14 Ang pangalan
nga ng lalaking Israelita na napatay, na pinatay na kalakip
ng babaing Madianita ay Zimri na anak ni Salu, na prinsipe
sa isang sangbahayan ng mga magulang sa mga Simeonita.
15 At ang pangalan ng babaing Madianita na napatay ay
Cozbi, na anak ni Zur; siya'y prinsipe sa bayan ng isang
sangbahayan ng mga magulang sa Madian. 16 At sinalita ng
Panginoon kay Moises, na sinasabi, 17 Bagabagin ninyo
ang mga Madianita, at inyong saktan sila: 18 Sapagka't
kanilang binagabag kayo ng kanilang mga lalang na kanilang
ipinangdaya sa inyo sa bagay ng Peor, at sa bagay ni
Cozbi, na anak na babae ng prinsipe sa Madian, na kanilang
kapatid na namatay nang kaarawan ng salot dahil sa Peor.

**26** At nangyari, pagkatapos ng salot, na sinalita ng
Panginoon kay Moises at kay Eleazar na anak ni
Aaron na saserdote, na sinasabi, 2 Bilangin mo ang buong
kapisanan ng mga anak ni Israel mula sa dalawang pung
taong gulang na patanda, ayon sa mga sangbahayan ng
kanilang mga magulang, yaong lahat na makalalabas sa
Israel sa pakikibaka. 3 At si Moises at si Eleazar na saserdote
ay nakipagsalitaan sa kanila sa mga kapatagan ng Moab sa
siping ng Jordan sa Jerico, na sinasabi, 4 Bilangin ninyo ang
bayan, mula sa dalawang pung taong gulang na patanda;
gaya ng iniutos ng Panginoon kay Moises at sa mga anak ni
Israel, na lumabas sa lupain ng Egipto. 5 Si Ruben ang
panganay ni Israel: ang mga anak ni Ruben; kay Hanoc,

ang angkan ng mga Hanocitas; kay Phallu, ang angkan ng
mga Palluita: **6** Kay Hesron, ang angkan ng mga Hesronita;
kay Carmi, ang angkan ng mga Carmita. **7** Ito ang mga
angkan ng mga Rubenita: at yaong nangabilang sa kanila,
ay apat na pu't tatlong libo at pitong daan at tatlong pu.
**8** At ang mga anak ni Phallu; ay si Eliab. **9** At ang mga
anak ni Eliab; ay si Nemuel, at si Dathan, at si Abiram. Ito
yaong Dathan at Abiram, na tinawag sa kapisanan na siya
ngang nagsilaban kay Moises at kay Aaron, sa pulutong ni
Core, nang sila'y lumaban sa Panginoon; **10** At ibinuka ng
lupain ang kaniyang bibig, at nilamon sila pati ni Core, nang
mamatay ang pulutong na yaon; noong panahong lamunin
ng apoy ang dalawang daan at limang pung tao, at sila'y
naging isang tanda. **11** Gayon ma'y hindi namatay ang mga
anak ni Core. **12** Ang mga anak ni Simeon ayon sa kanilang
mga angkan; kay Nemuel, ang angkan ng mga Nemuelita:
kay Jamin, ang angkan ng mga Jaminita: kay Jachin, ang
angkan ng mga Jachinita; **13** Kay Zera, ang angkan ng mga
Zeraita; kay Saul, ang angkan ng mga Saulita. **14** Ito ang
mga angkan ng mga Simeonita, dalawang pu't dalawang
libo at dalawang daan. **15** Ang mga anak ni Gad ayon sa
kaniyang mga angkan; kay Zephon, ang angkan ng mga
Zephonita; kay Aggi, ang angkan ng mga Aggita; kay Suni,
ang angkan ng mga Sunita; **16** Kay Ozni, ang angkan ng
mga Oznita; kay Eri, ang angkan ng mga Erita; **17** Kay Arod,
ang angkan ng mga Arodita; kay Areli, ang angkan ng mga
Arelita. **18** Ito ang mga angkan ng mga anak ni Gad ayon sa
nangabilang sa kanila apat na pung libo at limang daan. **19**
Ang mga anak ni Juda, ay si Er at si Onan; at si Er at si Onan
ay nangamatay sa lupain ng Canaan. **20** At ang mga anak ni
Juda ayon sa kaniyang mga angkan: kay Sela, ang angkan
ng mga Selaita; kay Phares, ang angkan ng mga Pharesita;
kay Zera, ang angkan ng mga Zeraita. **21** At ang mga naging
anak ni Phares: kay Hesron, ang angkan ng mga Hesronita;
kay Hamul, ang angkan ng mga Hamulita. **22** Ito ang mga
angkan ni Juda ayon sa nangabilang sa kanila, pitong pu't
anim na libo at limang daan. **23** Ang mga anak ni Issachar
ayon sa kanilang mga angkan: kay Thola, ang angkan
ng mga Tholaita; kay Pua, ang angkan ng mga Puanita;
**24** Kay Jasub, ang angkan ng mga Jasubita; kay Simron,
ang angkan ng mga Simronita. **25** Ito ang mga angkan ni
Issachar ayon sa nangabilang sa kanila, anim na pu't apat
na libo at tatlong daan. **26** Ang mga anak ni Zabulon ayon
sa kanilang mga angkan: kay Sered, ang angkan ng mga
Seredita: kay Elon, ang angkan ng mga Elonita: kay Jalel,
ang angkan ng mga Jalelita. **27** Ito ang mga angkan ng mga
Zebulonita ayon sa nangabilang sa kanila, anim na pung libo
at limang daan. **28** Ang mga anak ni Jose ayon sa kanilang
mga angkan: si Manases at si Ephraim. **29** Ang mga anak
ni Manases: kay Machir, ang angkan ng mga Machirita: at
naging anak ni Machir si Galaad: kay Galaad, ang angkan
ng mga Galaadita. **30** Ito ang mga anak ni Galaad: kay
Jezer, ang angkan ng mga Jezerita: kay Helec, ang angkan
ng mga Helecita; **31** At kay Asriel, ang angkan ng mga
Asrielita: at kay Sechem, ang angkan ng mga Sechemita:
**32** At kay Semida, ang angkan ng mga Semidaita: at kay
Hepher, ang angkan ng mga Hepherita. **33** At si Salphaad
na anak ni Hepher ay hindi nagkaanak ng lalake, kundi mga
babae: at ang mga pangalan ng mga anak na babae ni
Salphaad ay Maala, at Noa, Hogla, Milca, at Tirsa. **34** Ito ang
mga angkan ni Manases; at yaong nangabilang sa kanila,
ay limang pu at dalawang libo at pitong daan. **35** Ito ang
mga anak ni Ephraim ayon sa kanilang mga angkan: kay
Suthala, ang angkan ng mga Suthalaita: kay Becher, ang
angkan ng mga Becherita: kay Tahan, ang angkan ng mga
Tahanita. **36** At ito ang mga anak ni Suthala: kay Heran, ang
angkan ng mga Heranita. **37** Ito ang mga angkan ng mga
anak ni Ephraim ayon sa nangabilang sa kanila, tatlong pu't
dalawang libo at limang daan. Ito ang mga anak ni Jose,
ayon sa kanilang mga angkan. **38** Ang mga anak ni Benjamin
ayon sa kanilang mga angkan: kay Bela, ang angkan ng
mga Belaita; kay Asbel, ang angkan ng mga Asbelita: kay
Achiram, ang angkan ng mga Achiramita; **39** Kay Supham
ang angkan ng mga Suphamita; kay Hupham, ang angkan
ng mga Huphamita. **40** At ang mga anak ni Bela ay si Ard
at si Naaman: kay Ard, ang angkan ng mga Ardita: kay
Naaman, ang angkan ng mga Naamanita. **41** Ito ang mga
anak ni Benjamin ayon sa kanilang mga angkan; at yaong
nangabilang sa kanila ay apat na pu't limang libo at anim na
raan. **42** Ito ang mga anak ni Dan ayon sa kanilang mga
angkan: kay Suham, ang angkan ng mga Suhamita. Ito ang
mga angkan ni Dan ayon sa kanilang mga angkan. **43** Lahat
ng mga angkan ng mga Suhamita, ayon sa nangabilang
sa kanila, ay anim na pu't apat na libo at apat na raan. **44**
Ang anak ni Aser ayon sa kanilang mga angkan: kay Imna,
ang angkan ng mga Imnaita: kay Issui, ang angkan ng mga
Issuita, kay Beria, ang angkan ng mga Beriaita. **45** Sa mga
anak ni Beria: kay Heber, ang angkan ng mga Heberita;
kay Malchiel ang angkan ng mga Malchielita. **46** At ang
pangalan ng anak na babae ni Aser ay si Sera. **47** Ito ang
mga angkan ng mga anak ni Aser ayon sa nangabilang sa
kanila, limang pu't tatlong libo at apat na raan. **48** Ang mga
anak ni Nephtali ayon sa kanilang mga angkan: kay Jahzeel
ang angkan ng mga Jahzeelita: kay Guni, ang angkan ng
mga Gunita. **49** Kay Jeser, ang angkan ng mga Jeserita:
kay Sillem, ang angkan ng mga Sillemita. **50** Ito ang mga
angkan ni Nephtali ayon sa kanilang mga angkan: at yaong
nangabilang sa kanila, ay apat na pu't limang libo at apat

na raan. 51 Ito yaong nangabilang sa angkan ni Israel,
anim na raan at isang libo at pitong daan at tatlong pu. 52
At sinalita ng Panginoon kay Moises, na sinasabi, 53 Sa
mga ito babahagihin ang lupain na pinakamana ayon sa
bilang ng mga pangalan. 54 Sa marami ay magbibigay kayo
ng maraming mana, at sa kaunti ay magbibigay kayo ng
kaunting mana: ang bawa't isa ayon sa mga bilang sa kaniya
ay bibigyan ng kaniyang mana. 55 Gayon ma'y babahagihin
ang lupain sa pamamagitan ng sapalaran: ayon sa mga
pangalan ng mga lipi ng kanilang mga magulang ay kanilang
mamanahin. 56 Ayon sa sapalaran babahagihin ang kanilang
mana, alinsunod sa dami o kaunti. 57 Ito yaong nangabilang
sa mga Levita ayon sa kanilang mga angkan: kay Gerson,
ang angkan ng mga Gersonita: kay Coath, ang angkan ng
mga Coathita: kay Merari, ang angkan ng mga Merarita. 58
Ito ang mga angkan ni Levi: ang angkan ng mga Libnita, ang
angkan ng mga Hebronita, ang angkan ng mga Mahalita,
ang angkan ng mga Musita, ang angkan ng mga Corita. At
naging anak ni Coath si Amram. 59 At ang pangalan ng
asawa ni Amram ay Jochabed, na anak na babae ni Levi, na
ipinanganak kay Levi sa Egipto: at ipinanganak niya kay
Amram si Aaron at si Moises, at si Miriam na kapatid nila. 60
At naging anak ni Aaron si Nadad at si Abiu, si Eleazar at si
Ithamar. 61 At si Nadab at si Abiu ay namatay nang sila'y
maghandog ng ibang apoy sa harap ng Panginoon. 62 At
yaong nangabilang sa kanila ay dalawang pu't tatlong libo,
lahat ng lalake mula sa isang buwang gulang na patanda:
sapagka't sila'y hindi nangabilang sa mga anak ni Israel,
sapagka't sila'y hindi binigyan ng mana sa gitna ng mga
anak ni Israel. 63 Ito yaong nangabilang ni Moises at ni
Eleazar na saserdote, na bumilang ng mga anak ni Israel sa
mga kapatagan ng Moab sa siping ng Jordan sa Jerico. 64
Nguni't sa mga ito ay walang tao sa kanila, na ibinilang ni
Moises at ni Aaron na saserdote, na bumilang ng mga anak
ni Israel sa ilang ng Sinai. 65 Sapagka't sinabi ng Panginoon
tungkol sa kanila, Sila'y mamamatay na walang pagsala sa
ilang. At walang natira kahi't isang tao sa kanila, liban kay
Caleb na anak ni Jephone, at kay Josue na anak ni Nun.

**27** Nang magkagayo'y nagsilapit ang mga anak na babae
ni Salphaad, na anak ni Hepher, na anak ni Galaad,
na anak ni Machir, na anak ni Manases, sa mga angkan
ni Manases, na anak ni Jose; at ito ang mga pangalan ng
kaniyang mga anak: Maala, at Noa, at Hogla, at Milca, at
Tirsa. 2 At sila'y nagsitayo sa harap ni Moises, at sa harap
ni Eleazar na saserdote, at sa harap ng mga prinsipe at ng
buong kapisanan, sa pintuan ng tabernakulo ng kapisanan,
na sinasabi, 3 Ang aming ama ay namatay sa ilang, at
siya'y hindi kasama ng nagpipisang magkakasama laban sa
Panginoon, sa pulutong ni Core: kundi siya'y namatay sa
kaniyang sariling kasalanan; at hindi nagkaanak ng lalake. 4
Bakit ang pangalan ng aming ama ay aalisin sa angkan niya,
sapagka't siya'y hindi nagkaanak ng lalake? Bigyan ninyo
kami ng pag-aari sa gitna ng mga kapatid ng aming ama. 5 At
dinala ni Moises ang kanilang usap sa harap ng Panginoon.
6 At sinalita ng Panginoon kay Moises, na sinasabi, 7 Ang
mga anak na babae ni Salphaad ay nagsasalita ng matuwid:
bibigyan mo nga sila ng isang pag-aari na pinakamana sa
gitna ng mga kapatid ng kanilang ama; at iyong isasalin
ang mana ng kanilang ama sa kanila. 8 At iyong sasalitain
sa mga anak ni Israel, na iyong sasabihin, Kung ang isang
lalake ay mamatay, at walang anak na lalake, ay inyo ngang
isasalin ang kaniyang mana sa kaniyang anak na babae. 9
At kung siya'y walang anak na babae, ay inyo ngang ibibigay
ang kaniyang mana sa kaniyang mga kapatid. 10 At kung
siya'y walang kapatid, ay inyo ngang ibibigay ang kaniyang
mana sa mga kapatid ng kaniyang ama. 11 At kung ang
kaniyang ama ay walang kapatid, ay inyo ngang ibibigay ang
kaniyang mana sa kaniyang kamaganak na pinakamalapit
sa kaniya sa kaniyang angkan, at kaniyang aariin: at sa mga
anak ni Israel ay magiging isang palatuntunan ng kahatulan,
gaya ng iniutos ng Panginoon kay Moises. 12 At sinabi ng
Panginoon kay Moises, Sumampa ka sa bundok na ito ng
Abarim, at tanawin mo ang lupain na aking ibinigay sa mga
anak ni Israel. 13 At pagkakita mo niyaon ay malalakip ka rin
naman sa iyong bayan, na gaya ng pagkalakip ni Aaron na
iyong kapatid: 14 Sapagka't kayo'y nanghimagsik laban sa
aking salita sa ilang ng Zin, sa pakikipagtalo ng kapisanan,
na ipakilala ninyong banal ako sa harap ng mga mata nila sa
tubig. (Ito ang tubig ng Meriba sa Cades sa ilang ng Zin.) 15
At sinalita ni Moises sa Panginoon, na sinasabi, 16 Maghalal
ang Panginoon, ang Dios ng mga diwa ng lahat ng laman,
ng isang lalake sa kapisanan, 17 Na makalalabas sa harap
nila, at makapapasok sa harap nila, at makapaglalabas sa
kanila, at makapagpapasok sa kanila; upang ang kapisanan
ng Panginoon ay huwag maging parang mga tupa na walang
pastor. 18 At sinabi ng Panginoon kay Moises, Ipagsama
mo si Josue na anak ni Nun, isang lalake na kinakasihan
ng Espiritu, at ipatong mo ang iyong kamay sa kaniya; 19
At iharap mo siya kay Eleazar na saserdote, at sa buong
kapisanan; at pagbilinan mo siya sa kanilang paningin. 20
At lalagyan mo siya ng iyong karangalan upang sundin
siya ng buong kapisanan ng mga anak ni Israel. 21 At
siya'y tatayo sa harap ni Eleazar na saserdote, na siyang
maguusisa tungkol sa kaniya, ng hatol ng Urim sa harap
ng Panginoon: sa kaniyang salita, ay lalabas sila, at sa
kaniyang salita, ay papasok sila, siya at ang lahat ng mga
anak ni Israel na kasama niya, sa makatuwid baga'y ang
buong kapisanan. 22 At ginawa ni Moises gaya ng iniutos ng

Panginoon sa kaniya: at kaniyang ipinagsama si Josue, at
kaniyang iniharap kay Eleazar na saserdote, at sa buong
kapisanan: **23** At kaniyang ipinatong ang mga kamay niya
sa kaniya, at pinagbilinan niya siya, gaya ng sinalita ng
Panginoon sa pamamagitan ni Moises.

**28** At sinalita ng Panginoon kay Moises, na sinasabi,
**2** Iutos mo sa mga anak ni Israel, at sabihin mo sa
kanila, Ang alay sa akin, ang aking pagkain na pinakahandog
sa akin na pinaraan sa apoy, na pinakamasarap na amoy
sa akin, ay inyong pagiingatang ihandog sa akin sa ukol
na kapanahunan. **3** At iyong sasabihin sa kanila, Ito ang
handog na pinaraan sa apoy na inyong ihahandog sa
Panginoon; mga korderong lalake ng unang taon na walang
kapintasan, dalawa araw-araw, na pinakapalaging handog
na susunugin. **4** Ang isang kordero ay iyong ihahandog
sa umaga, at ang isang kordero ay iyong ihahandog sa
paglubog ng araw; **5** At ang ikasangpung bahagi ng isang
epa ng mainam na harina na pinakahandog na harina, na
hinaluan ng ikaapat na bahagi ng isang hin ng langis na
hinalo. **6** Isang palaging handog na susunugin, na iniutos sa
bundok ng Sinai na pinakamasarap na amoy, handog sa
Panginoon na pinaraan sa apoy. **7** At ang pinakahandog na
inumin niyaon, ay ang ikaapat na bahagi ng isang hin sa
isang kordero: sa dakong banal magbubuhos ka ng handog
na inumin na pinaka mainam na alak para sa Panginoon.
**8** At ang isang kordero, ay iyong ihahandog sa paglubog
ng araw: gaya ng handog na harina sa umaga, at gaya
ng handog na inumin niyaon, ay iyong ihahandog, isang
handog na pinaraan sa apoy, na pinakamasarap na amoy sa
Panginoon. **9** At sa araw ng sabbath ay dalawang korderong
lalake ng unang taon na walang kapintasan, at dalawang
ikasangpung bahagi ng isang epa ng mainam na harina,
na pinakahandog na harina na hinaluan ng langis, at ang
handog na inumin niyaon: **10** Ito ang handog na susunugin sa
bawa't sabbath, bukod pa sa palaging handog na susunugin,
at ang inuming handog niyaon. **11** At sa mga pasimula ng
inyong mga buwan ay maghahandog kayo ng handog na
susunugin sa Panginoon; dalawang guyang toro at isang
tupang lalake, pitong korderong lalake ng unang taon, na
walang kapintasan; **12** At tatlong ikasangpung bahagi ng
isang epa ng mainam na harina na pinakahandog na harina,
na hinaluan ng langis, para sa bawa't toro; at dalawang
ikasangpung bahagi ng mainam na harina na pinakahandog
na harina, na hinaluan ng langis para sa isang tupang lalake;
**13** At isang ikasangpung bahagi ng mainam na harina, na
hinaluan ng langis na pinakahandog na harina para sa bawa't
kordero; pinakahandog na susunugin na pinakamasarap na
amoy, handog sa Panginoon na pinaraan sa apoy. **14** At ang
magiging handog na inumin ng mga yaon ay kalahati ng
isang hin ng alak sa toro, at ang ikatlong bahagi ng isang hin
ay sa tupang lalake, at ang ikaapat na bahagi ng isang hin ay
sa kordero: ito ang handog na susunugin sa bawa't buwan
sa lahat ng buwan ng taon. **15** At isang kambing na lalake na
pinakahandog sa Panginoon dahil sa kasalanan; ihahandog
ito bukod pa sa palaging handog na susunugin, at sa inuming
handog niyaon. **16** At sa unang buwan, sa ikalabing apat na
araw ng buwan, ay paskua ng Panginoon. **17** At sa ikalabing
limang araw ng buwang ito ay magkakaroon ng isang pista;
pitong araw na kakain kayo ng tinapay na walang lebadura.
**18** Sa unang araw ay magkakaroon kayo ng isang banal na
pagpipisan; huwag kayong gagawa ng anomang gawang
paglilingkod: **19** Kundi maghahandog kayo sa Panginoon
ng isang handog na pinaraan sa apoy, na pinakahandog
na susunugin; dalawang guyang toro, at isang lalaking
tupa, at pitong korderong lalake ng unang taon; na mga
walang kapintasan: **20** At ang handog na harina ng mga
yaon, na mainam na harina na hinaluan ng langis: tatlong
ikasangpung bahagi ang inyong ihahandog para sa isang
toro, at dalawang ikasangpung bahagi para sa tupang lalake;
**21** At isang ikasangpung bahagi ang iyong ihahandog para
sa bawa't kordero sa pitong kordero; **22** At isang kambing na
lalake na pinakahandog dahil sa kasalanan, upang itubos
sa inyo. **23** Inyong ihahandog ang mga ito bukod pa sa
handog na susunugin sa umaga, na pinakapalaging handog
na susunugin, **24** Ganitong paraan ihahandog ninyo araw-
araw, sa loob ng pitong araw, ang pagkain na handog na
pinaraan sa apoy, na pinakamasarap na amoy sa Panginoon:
ihahandog ito bukod pa sa palaging handog na susunugin,
at sa inuming handog niyaon. **25** At sa ikapitong araw ay
magkakaroon kayo ng isang banal na pagpipisan; huwag
kayong gagawa ng anomang gawang paglilingkod. **26** Gayon
din sa araw ng mga unang bunga, na paghahandog ninyo
ng isang bagong handog na harina sa Panginoon sa inyong
pista ng mga sanglinggo, ay magkakaroon kayo ng isang
banal na pagpipisan; huwag kayong gagawa ng anomang
gawang paglilingkod: **27** Kundi kayo'y maghahandog ng
isang handog na susunugin na pinakamasarap na amoy sa
Panginoon; dalawang guyang toro, isang tupang lalake, at
pitong korderong lalake ng unang taon; **28** At ang handog
na harina ng mga yaon, na mainam na harina na hinaluan
ng langis, ay tatlong ikasangpung bahagi para sa bawa't
toro, dalawang ikasangpung bahagi sa isang tupang lalake,
**29** Isang ikasangpung bahagi sa bawa't kordero sa pitong
kordero; **30** Isang kambing na lalake upang itubos sa inyo.
**31** Bukod pa sa palaging handog na susunugin, at sa handog
na harina niyaon, ay inyong ihahandog ang mga yaon
(yaong mga walang kapintasan sa inyo), at ang mga inuming
handog ng mga yaon.

29 At sa ikapitong buwan, sa unang araw ng buwan,
ay magkakaroon kayo ng isang banal na pagpipisan;
huwag kayong gagawa ng anomang gawang paglilingkod;
isang araw ngang sa inyo'y paghihip ng mga pakakak. 2 At
kayo'y maghahandog ng isang handog na susunugin na
pinakamasarap na amoy sa Panginoon, ng isang guyang
toro, isang tupang lalake, pitong korderong lalake ng unang
taon na walang kapintasan; 3 At ang handog na harina ng
mga yaon, na mainam na harina, na hinaluan ng langis, ay
tatlong ikasangpung bahagi sa toro, dalawang ikasangpung
bahagi sa lalaking tupa, 4 At isang ikasangpung bahagi sa
bawa't kordero sa pitong kordero: 5 At isang kambing na
lalake na pinakahandog dahil sa kasalanan upang itubos
sa inyo: 6 Bukod pa sa handog na susunugin sa bagong
buwan, at sa handog na harina niyaon, at sa palaging
handog na susunugin at sa handog na harina niyaon, at sa
mga inuming handog niyaon, ayon sa kanilang palatuntunan,
na pinakamasarap na amoy, na handog sa Panginoon na
pinaraan sa apoy. 7 At sa ikasangpung araw nitong ikapitong
buwan, ay magkakaroon kayo ng isang banal na pagpipisan;
at inyong pagdadalamhatiin ang inyong mga kaluluwa;
huwag kayong gagawa ng anomang gawa: 8 Kundi kayo'y
maghahandog sa Panginoon ng isang handog na susunugin
na pinakamasarap na amoy; isang guyang toro, isang tupang
lalake, pitong korderong lalake ng unang taon: na mga
walang kapintasan sa inyo: 9 At ang handog na harina ng
mga yaon, na mainam na harina na hinaluan ng langis, ay
tatlong ikasangpung bahagi sa toro, dalawang ikasangpung
bahagi sa isang tupang lalake, 10 Isang ikasangpung bahagi
sa bawa't kordero sa pitong kordero: 11 Isang kambing
na lalake na pinakahandog dahil sa kasalanan, bukod
pa sa handog dahil sa kasalanan na pangtubos at sa
palaging handog na susunugin, at sa handog na harina, at
sa mga inuming handog ng mga yaon. 12 At sa ikalabing
limang araw ng ikapitong buwan, ay magkakaroon kayo
ng isang banal na pagpipisan; huwag kayong gagawa ng
anomang gawang paglilingkod, at mangingilin kayong pitong
araw sa Panginoon: 13 At maghahandog kayo ng isang
handog na susunugin, na pinakahandog na pinaraan sa
apoy na pinakamasarap na amoy sa Panginoon: labing
tatlong guyang toro, dalawang tupang lalake, labing apat na
korderong lalake ng unang taon: na mga walang kapintasan:
14 At ang handog na harina ng mga yaon, na mainam
na harina na hinaluan ng langis, ay tatlong ikasangpung
bahagi sa bawa't toro sa labing tatlong toro, dalawang
ikasangpung bahagi sa bawa't tupang lalake sa dalawang
tupang lalake, 15 At isang ikasangpung bahagi sa bawa't
kordero sa labing apat na kordero 16 At isang kambing na
lalake na pinakahandog dahil sa kasalanan; bukod pa sa
palaging handog na susunugin, at sa handog na harina
niyaon at sa inuming handog niyaon. 17 At sa ikalawang
araw ay maghahandog kayo ng labing dalawang guyang
toro, dalawang tupang lalake, labing apat na korderong
lalake ng unang taon na walang kapintasan: 18 At ang
handog na harina ng mga yaon, at ang mga inuming handog
para sa mga toro, sa mga tupang lalake, at sa mga kordero
ayon sa bilang ng mga yaon, alinsunod sa palatuntunan:
19 At isang kambing na lalake na pinakahandog dahil sa
kasalanan; bukod pa sa palaging handog na susunugin, at
sa handog na harina, at sa mga inuming handog ng mga
yaon. 20 At sa ikatlong araw ay labing isang toro, dalawang
tupang lalake, labing apat na korderong lalake ng unang
taon na walang kapintasan; 21 At ang handog na harina ng
mga yaon at ang mga inuming handog para sa mga toro, sa
mga tupang lalake, at sa mga kordero ayon sa kanilang
bilang, alinsunod sa palatuntunan. 22 At isang kambing na
lalake na pinakahandog dahil sa kasalanan; bukod pa sa
palaging handog na susunugin, at sa handog na harina
niyaon, at sa inuming handog niyaon. 23 At sa ikaapat na
araw ay sangpung toro, dalawang tupang lalake, labing apat
na korderong lalake ng unang taon na walang kapintasan:
24 Ang handog na harina ng mga yaon at ang mga inuming
handog para sa mga toro, sa mga tupang lalake, at sa mga
kordero ayon sa kanilang bilang, alinsunod sa palatuntunan:
25 At isang kambing na lalake na pinakahandog dahil sa
kasalanan; bukod pa sa palaging handog na susunugin, sa
handog na harina niyaon, at sa inuming handog niyaon. 26
At sa ikalimang araw ay siyam na toro, dalawang tupang
lalake, labing apat na korderong lalake ng unang taon na
walang kapintasan: 27 At ang handog na harina ng mga
yaon at ang mga inuming handog para sa mga toro, sa mga
tupang lalake, at sa mga kordero, ayon sa kanilang bilang,
alinsunod sa palatuntunan: 28 At isang kambing na lalake na
pinakahandog dahil sa kasalanan; bukod pa sa palaging
handog na susunugin, at sa handog na harina niyaon, at
sa handog na inumin niyaon. 29 At sa ikaanim na araw,
ay walong toro, dalawang tupang lalake, labing apat na
korderong lalake ng unang taon na walang kapintasan: 30 At
ang handog na harina ng mga yaon at ang mga inuming
handog para sa mga toro, sa mga tupang lalake at sa mga
kordero, ayon sa kanilang bilang, alinsunod sa palatuntunan:
31 At isang kambing na lalake na pinakahandog dahil sa
kasalanan: bukod pa sa palaging handog na susunugin, sa
handog na harina niyaon, at sa mga inuming handog niyaon,
32 At sa ikapitong araw ay pitong toro, dalawang tupang
lalake, labing apat na korderong lalake ng unang taon na
walang kapintasan: 33 At ang handog na harina ng mga
yaon, at ang mga inuming handog para sa mga toro, sa

mga tupang lalake, at sa mga kordero, ayon sa kanilang
bilang, alinsunod sa palatuntunan: **34** At isang kambing na
lalake na pinakahandog dahil sa kasalanan; bukod pa sa
palaging handog na susunugin, sa handog na harina niyaon,
at sa inuming handog niyaon. **35** Sa ikawalong araw, ay
magkakaroon kayo ng isang takdang pagpupulong; huwag
kayong gagawa ng anomang gawang paglilingkod; **36** Kundi
kayo'y maghahandog ng isang handog na susunugin, na
isang handog na pinaraan sa apoy na pinakamasarap na
amoy sa Panginoon: isang toro, isang tupang lalake, pitong
korderong lalake ng unang taon, na walang kapintasan: **37**
Ang handog na harina ng mga yaon at ang mga inuming
handog para sa toro, sa lalaking tupa, at sa mga kordero,
ayon sa kanilang bilang alinsunod sa palatuntunan: **38**
At isang kambing na lalake na pinakahandog dahil sa
kasalanan; bukod pa sa palaging handog na susunugin, at
sa handog na harina niyaon, at sa inuming handog niyaon.
**39** Ang mga ito ay inyong ihahandog sa Panginoon sa inyong
mga takdang kapistahan, bukod pa sa inyong mga panata,
at sa inyong mga kusang handog, na mga pinakahandog
ninyong susunugin, at ang inyong mga pinakahandog na
harina, at ang inyong mga pinakainuming handog, at ang
inyong mga pinakahandog tungkol sa kapayapaan. **40** At
isinaysay ni Moises sa mga anak ni Israel, ayon sa lahat ng
iniutos ng Panginoon kay Moises.

**30** At sinalita ni Moises sa mga pangulo ng mga lipi ng mga
anak ni Israel, na sinasabi, Ito ang bagay na iniutos ng
Panginoon. **2** Pagka ang isang lalake ay nagpanata ng isang
panata sa Panginoon, o sumumpa ng isang sumpa, na itinali
ang kaniyang kaluluwa sa isang gampanin, ay huwag niyang
sisirain ang kaniyang salita, kaniyang gaganapin ayon sa
lahat ng binuka ng kaniyang bibig. **3** Pagka ang isang babae
naman ay nagpanata ng isang panata sa Panginoon, at
itinali ang kaniyang sarili sa isang gampanin, sa bahay
ng kaniyang ama, sa kaniyang kadalagahan; **4** At narinig
ng kaniyang ama ang kaniyang panata, at ang kaniyang
gampanin na kaniyang itinali sa kaniyang kaluluwa, at ang
kaniyang ama ay hindi umimik sa kaniya: ay lahat nga niyang
panata ay magkakabisa, at ang bawa't tali na kaniyang
itinali sa kaniyang kaluluwa ay magkakabisa. **5** Nguni't
kung sawayin siya ng kaniyang ama sa araw na marinig;
alin man sa kaniyang panata, o sa kaniyang gampanin na
kaniyang itinali sa kaniyang kaluluwa ay hindi magkabisa: at
patatawarin siya ng Panginoon, sapagka't sinaway siya ng
kaniyang ama. **6** At kung siya'y may asawa at magpanata o
magbitiw na walang dilidili sa kaniyang labi ng anomang
gampanin na kaniyang itinali sa kaniyang kaluluwa; **7** At
marinig ng kaniyang asawa, at hindi umimik sa kaniya sa
araw na marinig yaon: ay magkakabisa nga ang kaniyang
mga panata, at ang kaniyang mga gampanin na kaniyang
itinali sa kaniyang kaluluwa ay magkakabisa. **8** Nguni't kung
sawayin siya ng kaniyang asawa sa araw na marinig yaon;
ay mawawalan ng kabuluhan ang kaniyang panata na itinali
niya sa kaniya at ang nabitawang pangako ng kaniyang mga
labi na ipinanali niya sa kaniyang kaluluwa: at patatawarin
siya ng Panginoon. **9** Nguni't ang panata ng isang babaing
bao, o ng isang hiniwalayan ng asawa, ay magkakabisa sa
bawa't bagay na kaniyang itinali sa kaniyang kaluluwa. **10**
At kung siya'y nagpanata sa bahay ng kaniyang asawa, o
kaniyang tinalian ang kaniyang kaluluwa ng isang gampanin
na kaakbay ng isang sumpa, **11** At narinig ng kaniyang
asawa, at hindi umimik sa kaniya, at hindi sinaway siya; ay
magkakabisa ang lahat niyang panata, at bawa't gampanin
na kaniyang itinali sa kaniyang kaluluwa ay magkakabisa. **12**
Nguni't kung niwalan ng kabuluhan ng kaniyang asawa sa
araw na marinig, ay hindi magkakabisa ang anomang bagay
na binitiwan ng kaniyang mga labi tungkol sa kaniyang
mga panata o tungkol sa tali ng kaniyang kaluluwa: niwalan
ng kabuluhan ng kaniyang asawa; at patatawarin siya ng
Panginoon. **13** Bawa't panata o bawa't gampaning inakbayan
ng sumpa, na makapagpapadalamhati ng kaluluwa, ay
mabibigyang bisa ng kaniyang asawa, o mapawawalan ng
kabuluhan ng kaniyang asawa. **14** Nguni't kung ang kaniyang
asawa ay hindi umimik sa kaniya sa araw-araw; ay binigyan
nga ng bisa ang lahat niyang panata, o ang lahat niyang
gampaning taglay niya: kaniyang binigyan bisa, sapagka't
hindi umimik nang araw na kaniyang marinig. **15** Nguni't kung
kaniyang pawawalan ng kabuluhan pagkatapos na kaniyang
marinig, ay tataglayin nga niya ang kasamaan ng kaniyang
asawa. **16** Ito ang mga palatuntunan na iniutos ng Panginoon
kay Moises, sa magasawa at sa magama samantalang ang
anak na dalaga ay nasa bahay ng kaniyang ama.

**31** At sinalita ng Panginoon kay Moises, na sinasabi,
**2** Ipanghiganti mo ang mga anak ni Israel sa mga
Madianita; pagkatapos nito'y malalakip ka sa iyong bayan. **3**
At sinalita ni Moises sa bayan, na sinasabi, Magsipagsakbat
kayong mga lalake na humanda sa pakikibaka, upang
magsiyaon sila laban sa Madian, upang isagawa ang
panghihiganti ng Panginoon sa Madian. **4** Sa bawa't lipi ay
isang libo, sa lahat ng mga lipi ng Israel, ang susuguin ninyo
sa pakikibaka. **5** Sa gayo'y sinugo sa libolibong Israelita,
ang isang libo sa bawa't lipi, na labing dalawang libo ngang
nasasakbatan sa pakikibaka. **6** At sinugo sila ni Moises,
sa pakikibaka, isang libo sa bawa't lipi, sila at si Phinees
na anak ni Eleazar na saserdote, sa pakikibaka, na may
mga kasangkapan ng santuario, at may mga pakakak na
panghudyat sa kaniyang kamay. **7** At binaka nila ang Madian,
gaya ng iniutos ng Panginoon kay Moises; at kanilang

pinatay ang bawa't lalake. **8** At pinatay nila ang mga hari sa
Madian na kasama ng mga napatay: si Evi at si Recem,
at si Zur, at si Hur, at si Reba, limang hari sa Madian:
si Balaam man na anak ni Beor ay kanilang pinatay ng
tabak. **9** At binihag ng mga anak ng Israel ang mga babae
sa Madian at ang kanilang mga bata; at ang lahat nilang
mga hayop at ang lahat nilang mga kawan, at ang lahat
nilang pag-aari ay kanilang sinamsam. **10** At ang lahat nilang
mga bayan sa mga dakong kanilang tinatahanan at ang
lahat nilang mga tolda ay kanilang sinunog sa apoy. **11** At
kanilang dinala ang lahat ng kanilang nakuha, at ang lahat
ng kanilang nasamsam, maging sa tao at maging sa hayop.
**12** At kanilang dinala ang mga bihag, ang nasamsam at
ang nahuli, kay Moises, at kay Eleazar na saserdote, at sa
kapisanan ng mga anak ni Israel, na nasa kampamento sa
mga kapatagan ng Moab, na nasa tabi ng Jordan sa Jerico.
**13** At si Moises at si Eleazar na saserdote, at ang lahat ng
mga prinsipe sa kapisanan, ay nagsilabas na sinalubong
sila sa labas ng kampamento. **14** At si Moises ay nag-
init sa mga pinuno ng hukbo, sa mga kapitan ng libolibo
at sa mga kapitan ng daandaan, na nagsipanggaling sa
pakikipagbaka. **15** At sinabi ni Moises sa kanila, Iniligtas ba
ninyo na buhay ang lahat ng mga babae? **16** Narito, sila'y
naging sanhi, sa payo ni Balaam, upang ang mga anak
ni Israel ay sumalangsang laban sa Panginoon sa bagay
ng Peor, at kaya't nagkasalot sa kapisanan ng Panginoon.
**17** Ngayon nga ay patayin ninyo ang lahat ng mga batang
lalake at patayin ninyo ang bawa't babae na nasipingan ng
lalake. **18** Nguni't ang lahat ng batang babae na hindi pa
nasisipingan ng lalake ay buhayin ninyo upang mapasa inyo.
**19** At matira kayo sa labas ng kampamento na pitong araw:
sinoman sa inyo na nakamatay ng sinomang tao, at sinoman
sa inyo na nakahipo ng anomang pinatay, ay maglilinis kayo
sa ikatlong araw at sa ikapitong araw, kayo at ang inyong
mga bihag. **20** At tungkol sa bawa't kasuutan, at sa lahat ng
yari sa balat, at sa lahat ng yari sa balahibo ng kambing, at
sa lahat ng bagay na yari sa kahoy, ay pakalinisin ninyo. **21**
At sinabi ni Eleazar na saserdote sa mga lalake ng hukbo
na nagsiparoon sa pakikipagbaka, Ito ang palatuntunan ng
kautusan na iniutos ng Panginoon kay Moises: **22** Gayon
ma'y ang ginto at ang pilak, ang tanso, ang bakal, ang lata,
at ang tingga, **23** Bawa't bagay na hindi naaano sa apoy,
ay inyong pararaanin sa apoy, at magiging malinis; gayon
ma'y inyong lilinisin ng tubig para sa karumihan: at ang
lahat na hindi nakatatagal sa apoy, ay inyong pararaanin
sa tubig. **24** At inyong lalabhan ang inyong mga damit sa
ikapitong araw, at kayo'y magiging malinis, at pagkatapos
nito'y makapapasok kayo sa kampamento. **25** At sinalita ng
Panginoon kay Moises, na sinasabi, **26** Bilangin mo ang
samsam na nakuha sa tao at gayon din sa hayop, ninyo
at ni Eleazar na saserdote, at ng mga pangulo ng mga
sangbahayan ng mga magulang ng kapisanan: **27** At hatiin
mo ang samsam ng dalawa; sa mga lalaking mangbabaka
na nagsilabas sa pakikipagbaka, at sa buong kapisanan:
**28** Bigyan mo ng buwis ang Panginoon sa mga lalaking
mangdidigma na nagsilabas sa pakikipagbaka: isang tao sa
bawa't limang daan, sa mga tao at gayon din sa mga hayop,
at sa mga asno at sa mga kawan: **29** Sa kalahating nauukol
sa kanila, ay kukunin mo at ibibigay mo kay Eleazar na
saserdote na pinakahandog na itinaas sa Panginoon. **30** At
sa kalahati na nauukol sa mga anak ni Israel, ay kunin mo
ang isang nakuha sa bawa't limang pu, sa mga tao, sa mga
bata, sa mga asno, at sa mga kawan, sa lahat ng hayop at
ibigay mo sa mga Levita, na namamahala sa tabernakulo
ng Panginoon. **31** At ginawa ni Moises at ni Eleazar na
saserdote, gaya ng iniutos ng Panginoon kay Moises. **32**
Ang nabihag nga bukod pa sa nasamsam ng mga taong
nakipagbaka, ay anim na raan at pitong pu't limang libong
tupa, **33** At pitong pu't dalawang libong baka, **34** Anim na
pu't isang libong asno, **35** At tatlong pu't dalawang libong tao
sa lahat, sa mga babae na hindi pa nasisipingan ng lalake.
**36** At ang kalahati, na siyang bahagi niyaong mga nagsilabas
sa pakikipagbaka ay umaabot sa bilang na tatlong daan at
tatlong pu't pitong libo at limang daang tupa: **37** At ang buwis
na tupa sa Panginoon, ay anim na raan at pitong pu't lima.
**38** At ang mga baka ay tatlong pu't anim na libo; na ang
buwis sa Panginoon ay pitong pu't dalawa. **39** At ang mga
asno ay tatlong pung libo at limang daan; na ang buwis sa
Panginoon ay anim na pu't isa. **40** At ang mga asno ay labing
anim na libo; na ang buwis sa Panginoon ay tatlong pu't
dalawang tao. **41** At ibinigay ni Moises ang buwis, na ukol sa
handog na itinaas sa Panginoon, kay Eleazar na saserdote,
gaya ng iniutos ng Panginoon kay Moises. **42** At ang kalahati
ay sa mga anak ni Israel, na inihiwalay ni Moises sa mga
taong nakipagbaka **43** (Siya ngang kalahati na nauukol
sa kapisanan ay tatlong daan at tatlong pu't pitong libo at
limang daang tupa, **44** At tatlong pu't anim na libong baka,
**45** At tatlong pung libo't limang daang asno, **46** At labing
anim na libong tao), **47** At sa kalahati nga na nauukol sa
mga anak ni Israel, ay kinuha ni Moises ang isa sa bawa't
limang pu, sa tao at gayon din sa hayop, at ibinigay sa mga
Levita, na namamahala sa tabernakulo ng Panginoon; gaya
ng iniutos ng Panginoon kay Moises. **48** At ang mga pinuno
na namamahala sa libolibo ng hukbo, ang mga kapitan ng
libolibo, at ang mga kapitan ng daandaan ay nangagsilapit
kay Moises: **49** At sinabi nila kay Moises, Binilang ng iyong
mga lingkod ang mga lalaking mangdidigma na nasa aming
kapangyarihan, at walang kulang kahit isa man sa amin. **50**

At aming dinala na pinakaalay sa Panginoon, ang nakuha
ng bawa't lalake, na mga hiyas na ginto, mga tanikala sa
bukongbukong, at mga pulsera, mga singsing na pinaka
tanda, mga hikaw, at mga kuwintas sa leeg upang itubos sa
aming mga kaluluwa sa harap ng Panginoon. **51** At kinuha ni
Moises at ni Eleazar na saserdote ang ginto nila, lahat ng
hiyas na dalisay. **52** At ang buong gintong handog na itinaas,
na kanilang inihandog sa Panginoon, ng mga kapitan ng
libolibo, at ng mga kapitan ng daandaan, ay labing anim
na libo at pitong daan at limang pung siklo. **53** (Sapagka't
ang mga lalake na nakipagbaka ay naguwi ng samsam, na
bawa't isa ay may sariling dala.) **54** At kinuha ni Moises at ni
Eleazar na saserdote ang ginto ng mga kapitan ng libolibo
at ng daandaan, at isinilid sa tabernakulo ng kapisanan,
pinakaalaala sa mga anak ni Israel sa harap ng Panginoon.

**32** Ang mga anak nga ni Ruben, at ang mga anak ni Gad
ay mayroong napakaraming hayop: at nang kanilang
makita ang lupain ng Jazer, at ang lupain ng Galaad, na,
narito, ang dako ay minagaling nilang dako sa hayop, **2** Ay
lumapit at nagsalita ang mga anak ni Gad at ang mga anak
ni Ruben kay Moises, at kay Eleazar na saserdote, at sa
mga prinsipe ng kapisanan na sinasabi, **3** Ang Ataroth, at
ang Dibon, at ang Jazer, at ang Nimra, at ang Hesbon, at
ang Eleale, at ang Saban, at ang Nebo, at ang Beon, **4**
Na lupaing sinaktan ng Panginoon sa harap ng kapisanan
ng Israel, ay lupaing mabuti sa hayop, at ang iyong mga
lingkod ay may mga hayop. **5** At sinabi nila, Kung kami
ay nakasumpong ng biyaya sa iyong paningin, ay ibigay
mong pinakaari ang lupaing ito sa iyong mga lingkod; at
huwag mo kaming paraanin sa Jordan. **6** At sinabi ni Moises
sa mga anak ni Gad, at sa mga anak ni Ruben, Paroroon
ba ang inyong mga kapatid sa pakikipagbaka, at kayo'y
mauupo rito? **7** At bakit pinapanghihina ninyo ang loob ng
mga anak ni Israel, na huwag magpatuloy sa lupain na
ibinigay ng Panginoon sa kanila? **8** Ganyan ang ginawa ng
inyong mga magulang nang sila'y aking suguin, mula sa
Cades-barnea upang tiktikan ang lupain. **9** Sapagka't nang
sila'y makasampa sa libis ng Eskol at matiktikan ang lupain,
ay kanilang pinapanghina ang loob ng mga anak ni Israel
upang huwag pumasok sa lupain na ibinigay ng Panginoon
sa kanila. **10** At ang galit ng Panginoon ay nagningas nang
araw na yaon, at siya'y sumumpa na sinasabi, **11** Tunay na
walang taong lumabas sa Egipto, mula sa dalawang pung
taong gulang na patanda, ay makakakita ng lupain na aking
isinumpa kay Abraham, kay Isaac, at kay Jacob; sapagka't
sila'y hindi lubos na sumunod sa akin: **12** Liban si Caleb na
anak ni Jephone na Cenezeo, at si Josue na anak ni Nun:
sapagka't sila'y sumunod na lubos sa Panginoon. **13** At ang
galit ng Panginoon ay nagningas laban sa Israel, at kaniyang
pinagala sila sa ilang, na apat na pung taon hanggang sa
ang buong lahing yaon na gumawa ng masama sa paningin
ng Panginoon, ay nalipol. **14** At, narito, kayo'y nagsipagtindig
na kahalili ng inyong mga magulang, supling ng mga taong
makasalanan, upang dagdagan pa ninyo ang mabangis
na galit ng Panginoon sa Israel. **15** Sapagka't kung kayo'y
lumihis ng pagsunod sa kaniya ay kaniyang iiwang muli
sila sa ilang; at inyong lilipulin ang buong bayang ito. **16** At
sila'y nagsilapit sa kaniya, at nagsabi, Gagawa kami rito
ng mga kulungan sa aming mga hayop, at ng mga bayan
sa aming mga bata: **17** Nguni't kami ay magsisisipagalmas
upang magpauna sa mga anak ni Israel hanggang sa aming
maipasok sa kanilang dakong karoroonan: at ang aming
mga bata ay magsisitahan sa mga bayang nakukutaan dahil
sa mga nagsisitahan sa lupain. **18** Kami ay hindi magsisibalik
sa aming mga bahay, hanggang sa ang mga anak ni Israel
ay magari bawa't isa ng kaniyang sariling pag-aari. **19**
Sapagka't hindi kami makikimana sa kanila sa kabilang
ibayo ng Jordan, at sa dako pa roon; sapagka't tinaglay
na namin ang aming mana rito sa dakong silanganan ng
Jordan. **20** At sinabi ni Moises sa kanila, Kung gagawin
ninyo ang bagay na ito; kung kayo'y magsisipagalmas upang
pumaroon sa harap ng Panginoon sa pakikipagbaka, **21** At
bawa't may almas sa inyo ay daraan sa Jordan sa harap ng
Panginoon, hanggang sa kaniyang mapalayas ang kaniyang
mga kaaway sa harap niya. **22** At ang lupain ay mapasuko sa
harap ng Panginoon: ay makababalik nga kayo pagkatapos,
at hindi kayo magiging salarin sa Panginoon, at sa Israel; at
ang lupaing ito ay magiging inyong pag-aari sa harap ng
Panginoon. **23** Nguni't kung hindi ninyo gagawing ganito ay,
narito, kayo'y nagkasala laban sa Panginoon: at talastasin
ninyo na aabutin kayo ng inyong kasalanan. **24** Igawa ninyo
ng mga siyudad ang inyong mga bata, at ng mga kulungan
ang inyong mga tupa; at isagawa ninyo ang nabuka sa
inyong bibig. **25** At sinalita ng mga anak ni Gad at ng mga
anak ni Ruben kay Moises, na sinasabi, Isasagawa ng iyong
mga lingkod ang gaya ng iniutos ng aking panginoon. **26**
Ang aming mga bata, ang aming mga asawa, ang aming
kawan at ang aming buong bakahan ay matitira riyan sa
mga bayan ng Galaad: **27** Nguni't ang iyong mga lingkod ay
magsisitawid, bawa't lalake na may almas sa pakikipagbaka,
sa harap ng Panginoon upang makipagbaka, gaya ng sinabi
ng aking panginoon. **28** Sa gayo'y ipinagbilin sila ni Moises
kay Eleazar na saserdote, at kay Josue na anak ni Nun, at
sa mga pangulo sa mga sangbahayan ng mga magulang
ng mga lipi ng mga anak ni Israel. **29** At sinabi sa kanila ni
Moises, Kung ang mga anak ni Gad at ang mga anak ni
Ruben ay magsisitawid na kasama ninyo sa Jordan, ang
lahat ng lalake na may almas sa pakikipagbaka, sa harap

ng Panginoon, at kung ang lupain ay mapasuko sa harap
ninyo: ay ibibigay nga ninyo sa kanila na pinakaari ang
lupain ng Galaad. 30 Nguni't kung sila'y hindi tatawid na
kasama ninyo na may almas, ay magkakaroon sila ng pag-
aari na kasama ninyo sa lupain ng Canaan. 31 At ang mga
anak ni Gad at ang mga anak ni Ruben ay nagsisagot, na
nangagsasabi, Kung paano ang sinabi ng Panginoon sa
iyong mga lingkod ay gayon ang gagawin namin, 32 Kami ay
tatawid na may almas sa harap ng Panginoon sa lupain
ng Canaan, at ang magiging pag-aari naming mana ay sa
dakong ito ng Jordan. 33 At ibinigay ni Moises sa kanila, sa
mga anak ni Gad, at sa mga anak ni Ruben, at sa kalahati
ng lipi ni Manases na anak ni Jose, ang kaharian ni Sehon
na hari ng mga Amorrheo, at ang kaharian ni Og na hari
sa Basan, ang lupain ayon sa mga bayan niyaon, sa loob
ng mga hangganan niyaon, sa makatuwid baga'y ang mga
bayan sa palibot ng lupain. 34 At itinayo ng mga anak ni Gad
ang Dibon, at ang Ataroth, at ang Aroer, 35 At ang Ataroth-
sophan, at ang Jazer, at ang Jogbaa, 36 At ang Beth-nimra
at ang Bet-haran: na mga bayang nakukutaan, at kulungan
din naman ng mga tupa. 37 At itinayo naman ng mga anak
ni Ruben ang Hesbon, at ang Eleale, at ang Ciriathaim, 38
At ang Nebo, at ang Baal-meon, (na ang pangalan ng mga
yaon ay binago, ) at ang Sibma: at nilagyan ng ibang mga
pangalan ang mga bayan na kanilang itinayo. 39 At ang
mga anak ni Machir na anak ni Manases ay nagsiparoon sa
Galaad, at kanilang sinakop, at pinalayas ang mga Amorrheo
na nandoon. 40 At ibinigay ni Moises ang Galaad kay Machir
na anak ni Manases; at kaniyang tinahanan. 41 At si Jair na
anak ni Manases ay naparoon at sinakop ang mga bayan
niyaon at tinawag na Havoth-jair. 42 At si Noba ay naparoon
at sinakop ang Kenath, at ang mga nayon niyaon, at tinawag
na Noba, ayon sa kaniyang sariling pangalan.

**33** Ito ang mga paglalakbay ng mga anak ni Israel, nang
sila'y magsilabas sa lupain ng Egipto, ayon sa kanilang
mga hukbo sa ilalim ng kapangyarihan ni Moises at ni
Aaron. 2 At isinulat ni Moises ang kanilang mga pagyao
ayon sa kanilang mga paglalakbay alinsunod sa utos ng
Panginoon: at ito ang kanilang mga paglalakbay ayon sa
kanilang mga pagyao. 3 At sila'y nagsipaglakbay mula
sa Rameses nang unang buwan, nang ikalabing limang
araw ng unang buwan; nang kinabukasan pagkatapos ng
paskua ay nagsialis ang mga anak ni Israel na may kamay
na nakataas sa paningin ng lahat ng mga taga Egipto, 4
Samantalang inililibing ng mga taga Egipto ang lahat ng
kanilang panganay, na nilipol ng Panginoon sa gitna nila: na
pati ng kanilang mga dios ay hinatulan ng Panginoon. 5 At
ang mga anak ni Israel ay naglakbay mula sa Rameses
at humantong sa Succoth. 6 At sila'y naglakbay mula sa
Succoth at humantong sa Etham na nasa gilid ng ilang. 7 At
sila'y naglakbay mula sa Etham, at lumiko sa Pi-hahiroth,
na nasa tapat ng Baal-sephon: at humantong sa tapat ng
Migdol. 8 At sila'y naglakbay mula sa tapat ng Hahiroth, at
nagsipagdaan sa gitna ng dagat hanggang sa ilang: at sila'y
naglakbay na tatlong araw sa ilang ng Etham at humantong
sa Mara. 9 At sila'y naglakbay mula sa Mara, at dumating sa
Elim: at sa Elim ay may labing dalawang bukal ng tubig at
pitong pung puno ng palma; at sila'y humantong doon. 10
At sila'y naglakbay mula sa Elim, at humantong sa tabi ng
Dagat na Mapula. 11 At sila'y naglakbay mula sa Dagat na
Mapula, at humantong sa ilang ng Zin. 12 At sila'y naglakbay
mula sa ilang ng Zin, at humantong sa Dophca. 13 At sila'y
naglakbay mula sa Dophca, at humantong sa Alus. 14 At
sila'y naglakbay mula sa Alus, at humantong sa Rephidim,
na doon, nga walang tubig na mainom ang bayan. 15 At
sila'y naglakbay mula sa Rephidim, at humantong sa ilang
ng Sinai. 16 At sila'y naglakbay mula sa ilang ng Sinai, at
humantong sa Kibroth-hataava. 17 At sila'y naglakbay mula
sa Kibroth-hataava, at humantong sa Haseroth. 18 At sila'y
naglakbay mula sa Haseroth, at humantong sa Ritma. 19 At
sila'y naglakbay mula sa Ritma, at humantong sa Rimmon-
peres. 20 At sila'y naglakbay mula sa Rimmon-peres, at
humantong sa Libna. 21 At sila'y naglakbay mula sa Libna,
at humantong sa Rissa. 22 At sila'y naglakbay mula sa
Rissa, at humantong sa Ceelatha. 23 At sila'y naglakbay
mula sa Ceelatha at humantong sa bundok ng Sepher. 24 At
sila'y naglakbay mula sa bundok ng Sepher, at humantong
sa Harada. 25 At sila'y naglakbay mula sa Harada, at
humantong sa Maceloth. 26 At sila'y naglakbay mula sa
Maceloth, at humantong sa Tahath. 27 At sila'y naglakbay
mula sa Tahath at humantong sa Tara. 28 At sila'y naglakbay
mula sa Tara, at humantong sa Mithca. 29 At sila'y naglakbay
mula sa Mithca, at humantong sa Hasmona. 30 At sila'y
naglakbay mula sa Hasmona, at humantong sa Moseroth.
31 At sila'y naglakbay mula sa Moseroth, at humantong sa
Bene-jaacan. 32 At sila'y naglakbay mula sa Bene-jaacan, at
humantong sa Horhagidgad. 33 At sila'y naglakbay mula
sa Horhagidgad at humantong sa Jotbatha. 34 At sila'y
naglakbay mula sa Jotbatha, at humantong sa Abrona.
35 At sila'y naglakbay mula sa Abrona, at humantong sa
Esion-geber. 36 At sila'y naglakbay mula sa Esion-geber, at
humantong sa ilang ng Zin (na siya ring Cades). 37 At sila'y
naglakbay mula sa Cades, at humantong sa bundok ng Hor,
sa gilid ng lupain ng Edom. 38 At si Aaron na saserdote
ay sumampa sa bundok ng Hor sa utos ng Panginoon, at
namatay roon, sa ikaapat na pung taon, pagkaalis ng mga
anak ni Israel sa lupain ng Egipto, sa ikalimang buwan,
nang unang araw ng buwan. 39 At si Aaron ay may isang

daan at dalawang pu't tatlong taon nang siya'y mamatay
sa bundok ng Hor. 40 At ang Cananeo na hari sa Arad, na
tumatahan sa Timugan, sa lupain ng Canaan, ay nakarinig
ng pagdating ng mga anak ni Israel. 41 At sila'y naglakbay
mula sa bundok ng Hor, at humantong sa Salmona. 42 At
sila'y naglakbay mula sa Salmona, at humantong sa Phunon.
43 At sila'y naglakbay mula sa Phunon, at humantong sa
Oboth. 44 At sila'y naglakbay mula sa Oboth, at humantong
sa Igeabarim, sa hangganan ng Moab. 45 At sila'y naglakbay
mula sa Igeabarim, at humantong sa Dibon-gad. 46 At sila'y
naglakbay mula sa Dibon-gad, at humantong sa Almon-
diblathaim. 47 At sila'y naglakbay mula sa Almon-diblathaim,
at humantong sa mga bundok ng Abarim, sa harap ng Nebo.
48 At sila'y naglakbay mula sa mga bundok ng Abarim, at
humantong sa mga kapatagan ng Moab, sa tabi ng Jordan,
sa tapat ng Jerico. 49 At sila'y humantong sa tabi ng Jordan,
mula sa Beth-jesimoth hanggang sa Abel-sitim, sa mga
kapatagan ng Moab. 50 At sinalita ng Panginoon kay Moises
sa mga kapatagan ng Moab sa tabi ng Jordan, sa tapat ng
Jerico, na sinasabi, 51 Salitain mo sa mga anak ni Israel, at
sabihin mo sa kanila, Pagtawid ninyo sa Jordan sa lupain
ng Canaan, 52 Ay inyo ngang palalayasin ang lahat ng
nananahan sa lupain sa harap ninyo, at inyong sisirain ang
lahat ng kanilang mga batong tinapyasan, at inyong sisirain
ang lahat ng kanilang mga larawang binubo, at inyong
gigibain ang lahat ng kanilang mga mataas na dako: 53
At inyong ariin ang lupain, at tatahan kayo roon: sapagka't
sa inyo ibinigay ko ang lupain upang ariin. 54 At inyong
aariin ang lupain sa sapalaran ayon sa inyong mga angkan;
sa marami ay magbibigay kayo ng maraming mana, at sa
kaunti ay magbibigay kayo ng kaunting mana: kung kanino
mahulog ang palad sa bawa't isa, ay yaon ang magiging
kaniya; ayon sa mga lipi ng inyong mga magulang ay inyong
mamanahin. 55 Nguni't kung hindi ninyo palalayasin ang
mga nananahanan sa lupain sa harap ninyo; ay magiging
parang mga tibo nga sa inyong mga mata, at parang mga
tinik sa inyong mga tagiliran ang mga ititira ninyo sa kanila, at
kanilang babagabagin kayo sa lupain na inyong tinatahanan.
56 At mangyayari, na kung ano ang iniisip kong gawin sa
kanila, ay gayon ang gagawin ko sa inyo.

**34** At sinalita ng Panginoon kay Moises, na sinasabi,
2 Iutos mo sa mga anak ni Israel, at sabihin mo sa
kanila, Pagpasok ninyo sa lupain ng Canaan, (na ito ang
lupaing mahuhulog sa inyo na pinakamana, ang lupain ng
Canaan ayon sa mga hangganan niyaon), 3 At inyong
hahantungan ang dakong timugan mula sa ilang ng Zin
hanggang sa gilid ng Edom, at ang inyong hangganang
timugan ay magiging mula sa dulo ng Dagat na Alat sa
dakong silanganan: 4 At ang inyong hangganan ay paliko
sa dakong timugan sa sampahan ng Acrabbim, at patuloy
hanggang sa Zin: at ang mga labasan niyaon ay magiging sa
dakong timugan ng Cades-barnea; at mula rito ay pasampa
sa Hasar-addar, at patuloy sa Asmon: 5 At ang hangganan
ay paliko mula sa Asmon hanggang sa batis ng Egipto,
at ang magiging mga labasan niyaon ay sa dagat. 6
At ang magiging inyong hangganang kalunuran ay ang
malaking dagat at ang baybayin niyaon: ito ang magiging
inyong hangganang kalunuran. 7 At ito ang magiging inyong
hangganang hilagaan mula sa malaking dagat ay inyong
gagawing palatandaan ang bundok ng Hor: 8 Mula sa bundok
ng Hor ay inyong gagawing palatandaan ang pasukan ng
Hamath; at ang magiging mga labasan ng hangganan ay
sa Sedad; 9 At ang magiging hangganan ay palabas sa
Ziphron, at ang magiging mga labasan niyaon, ay ang Hasar-
enan: ito ang magiging inyong hangganang hilagaan. 10
At inyong gagawing palatandaan ang inyong hangganang
silanganan mula sa Hasar-enan hanggang Sepham: 11 At
ang hangganan ay pababa mula sa Sepham hanggang sa
Ribla, sa dakong silanganan ng Ain; at ang hangganan ay
pababa at abot hanggang sa gilid ng dagat ng Cinnereth sa
dakong silanganan: 12 At ang hangganan ay pababa sa
Jordan, at ang magiging mga labasan niyaon ay abot sa
Dagat na Alat: ito ang magiging inyong lupain, ayon sa mga
hangganan niyaon sa palibot. 13 At iniutos ni Moises sa
mga anak ni Israel, na sinasabi, Ito ang lupain na inyong
mamanahin sa pamamagitan ng sapalaran, na iniutos ng
Panginoon na ibigay sa siyam na lipi, at sa kalahating lipi;
14 Sapagka't ang lipi ng mga anak ni Ruben ayon sa mga
sangbahayan ng kanilang mga magulang, at ang lipi ng mga
anak ni Gad ayon sa mga sangbahayan ng kanilang mga
magulang, ay nagsitanggap na, at gayon din naman ang
kalahating lipi ni Manases ay nagsitanggap na ng kanilang
mana: 15 Ang dalawang lipi na ito, at ang kalahating lipi ay
nagsitanggap na ng kanilang mana sa dako roon ng Jordan
sa dakong silanganan ng Jerico, sa dakong sinisikatan ng
araw. 16 At sinalita ng Panginoon kay Moises, na sinasabi,
17 Ito ang mga pangalan ng mga lalake na magbabahagi
ng lupain sa inyo na pinakamana: si Eleazar na saserdote,
at si Josue na anak ni Nun. 18 At maglalagay kayo ng
isang prinsipe sa bawa't lipi, upang magbahagi ng lupain na
pinakamana. 19 At ito ang mga pangalan ng mga lalake: sa
lipi ni Juda, ay si Caleb na anak ni Jephone. 20 At sa lipi ng
mga anak ni Simeon, ay si Samuel na anak ni Ammiud. 21
Sa lipi ni Benjamin, ay si Elidad na anak ni Chislon. 22 At
sa lipi ng mga anak ni Dan, ay ang prinsipe Bucci na anak
ni Jogli. 23 Sa mga anak ni Jose: sa lipi ng mga anak ni
Manases, ay ang prinsipe Haniel na anak ni Ephod: 24 At
sa lipi ng mga anak ni Ephraim, ay ang prinsipe Chemuel

na anak ni Siphtan. 25 At sa lipi ng mga anak ni Zabulon,
ay ang prinsipe Elisaphan na anak ni Pharnach. 26 At sa
lipi ng mga anak ni Issachar, ay ang prinsipe Paltiel na
anak ni Azan. 27 At sa lipi ng mga anak ni Aser, ay ang
prinsipe Ahiud na anak ni Selomi. 28 At sa lipi ng mga anak
ni Nephtali, ay ang prinsipe Pedael na anak ni Ammiud.
29 Ito yaong mga inutusan ng Panginoon na bumahagi ng
mana sa mga anak ni Israel sa lupain ng Canaan.

**35** At sinalita ng Panginoon kay Moises sa mga kapatagan
ng Moab sa tabi ng Jordan sa Jerico, na sinasabi, 2
Iutos mo sa mga anak ni Israel, na kanilang bigyan ang
mga Levita sa mana na kanilang pag-aari, ng mga bayan na
matahanan; at ang mga pastulan sa palibot ng mga bayang
yaon ay ibibigay ninyo sa mga Levita, 3 At mapapasa
kanila ang mga bayan upang tahanan; at ang kanilang mga
pastulan ay sa kanilang mga kawan, at sa kanilang mga pag-
aari, at sa lahat nilang mga hayop. 4 At ang mga pastulan
sa mga bayan, na inyong ibibigay sa mga Levita, ay isang
libong siko sa palibot mula sa kuta ng bayan hanggang sa
dakong labas. 5 At ang inyong susukatin sa labas ng bayan
sa dakong silanganan ay dalawang libong siko, at sa dakong
timugan ay dalawang libong siko, at sa dakong kalunuran ay
dalawang libong siko, at sa dakong hilagaan ay dalawang
libong siko, na ang bayan ay sa gitna. Ito ang magiging sa
kanila'y mga pastulan sa mga bayan. 6 At ang mga bayan
na inyong ibibigay sa mga Levita ay ang anim na bayan
na ampunan, na siya ninyong ibibigay na matatakasan ng
nakamatay ng tao: at bukod sa rito ay magbibigay kayo
ng apat na pu't dalawang bayan. 7 Lahat ng mga bayan
na inyong ibibigay sa mga Levita ay apat na pu't walong
bayan: inyong ibibigay sangpu ng kanilang mga pastulan. 8
At tungkol sa mga bayan na pag-aari ng mga anak ni Israel
na inyong ibibigay ay kukuha kayo ng marami sa marami;
at sa kaunti ay kukuha kayo ng kaunti: bawa't isa ayon
sa kaniyang mana na kaniyang minamana ay magbibigay
sa kaniyang mga bayan sa mga Levita. 9 At sinalita ng
Panginoon kay Moises, na sinasabi, 10 Salitain mo sa mga
anak ni Israel, at sabihin mo sa kanila, Pagkaraan ninyo ng
Jordan sa lupain ng Canaan, 11 Ay pipili nga kayo ng mga
bayan na maging mga bayang ampunan sa inyo, upang
ang nakamatay ng tao na pumatay ng sinomang tao na
hindi sinasadya, ay makatakas doon. 12 At ang mga bayang
yaong ay magiging sa inyo'y pinaka ampunan laban sa
manghihiganti; upang ang nakamatay ay huwag mamatay,
hanggang sa maitayo sa kapisanan na hatulan. 13 At ang
mga bayan na inyong ibibigay ay anim na bayang ampunan
sa inyo. 14 Magbibigay kayo ng tatlong bayan sa dako roon
ng Jordan, at tatlong bayan ang ibibigay ninyo sa lupain ng
Canaan; siyang magiging mga bayang ampunan. 15 Sa mga
anak ni Israel, at sa taga ibang lupa, at sa makikipamayan sa
kanila ay magiging ampunan ang anim na bayang ito: upang
ang bawa't nakamatay ng sinomang tao, na hindi sinasadya,
ay makatakas doon. 16 Nguni't kung kaniyang saktan ang
kaniyang kapuwa ng isang kasangkapang bakal, na ano pa't
namatay, siya nga'y mamamatay tao; ang mamamatay tao
ay walang pagsalang papatayin. 17 At kung kaniyang saktan
ng isang batong tangan niya sa kamay na ikamamatay
ng isang tao, at namatay nga, mamamatay tao siya: ang
mamamatay tao ay walang pagsalang papatayin. 18 O
kung kaniyang saktan ng isang almas na kahoy na tangan
niya sa kamay na ikamamatay ng tao, at namatay nga,
ay mamamatay tao siya: ang mamamatay tao ay walang
pagsalang papatayin. 19 Ang manghihiganti sa dugo ay
siyang papatay sa pumatay: pagka nasumpungan niya
ay kaniyang papatayin. 20 At kung kaniyang itinulak sa
kapootan, o kaniyang hinagis na binanta, ano pa't siya'y
namatay; 21 O sa pakikipagkaalit ay sinaktan niya ng
kaniyang kamay, na ano pa't siya'y namatay: siya na sumakit
ay walang pagsalang papatayin; siya'y mamamatay tao: ang
manghihiganti sa dugo ay siyang papatay sa pumatay, pagka
nasumpungan niya. 22 Nguni't kung sa kabiglaanan ay
kaniyang maitulak na walang pakikipagkaalit, o mahagisan
niya ng anomang bagay na hindi binanta, 23 O ng anomang
bato na ikamamatay ng tao, na hindi niya nakikita at kaniyang
maihagis sa kaniya, na ano pa't namatay at hindi niya
kaaway, at hindi niya pinagaakalaan ng masama: 24 Kung
gayo'y ang kapisanan ang siyang hahatol sa sumakit at
sa manghihiganti sa dugo, ayon sa mga kahatulang ito:
25 At ililigtas ng kapisanan ang nakamatay sa kamay ng
manghihiganti sa dugo, at siya'y pababalikin ng kapisanan
sa kaniyang bayang ampunan, na kaniyang tinakasan: at
siya'y tatahan doon hanggang sa pagkamatay ng pangulong
saserdote, na pinahiran ng banal na langis. 26 Nguni't
kung ang nakamatay ay lumabas sa anomang dahilan, sa
hangganan ng kaniyang bayang ampunan, na kaniyang
tinakasan; 27 At masumpungan siya ng manghihiganti sa
dugo sa labas ng hangganan ng kaniyang bayang ampunan,
at patayin ng manghihiganti sa dugo ang nakamatay, ay hindi
siya magiging salarin sa dugo, 28 Sapagka't siya'y nararapat
na tumira sa kaniyang bayang ampunan, hanggang sa
pagkamatay ng dakilang saserdote: nguni't pagkamatay
ng dakilang saserdote ang nakamatay ay makababalik sa
lupain ng kaniyang pag-aari. 29 At ang mga bagay na ito
ay magiging isang palatuntunan sa kahatulan sa inyo, sa
buong panahon ng inyong mga lahi sa lahat ng inyong mga
tahanan. 30 Sinomang pumatay sa kaninoman, ay papatayin
ang pumatay sa patotoo ng mga saksi: nguni't ang isang
saksi ay hindi makapagpapatotoo laban sa kaninomang tao

upang patayin. 31 Bukod sa rito, huwag kayong tatanggap
ng suhol sa buhay ng pumatay na nagiging salarin sa
pagpapatay: kundi siya'y walang pagsalang papatayin. 32 At
huwag kayong tatanggap ng suhol sa kaninomang tumakas
sa kaniyang bayang ampunan, upang bumalik na manahan
sa kaniyang lupain, hanggang sa pagkamatay ng dakilang
saserdote. 33 Kaya't huwag ninyong dudumhan ang lupain
na inyong kinaroroonan; sapagka't ang dugo ay nagpaparumi
ng lupain: at walang paglilinis na magagawa sa lupa dahil
sa dugo na nabubo doon, kundi sa pamamagitan ng dugo
niyaong nagbubo. 34 At huwag ninyong dudumhan ang
lupain na inyong tinatahanan, na ako'y tumahan sa gitna
niyan: sapagka't akong Panginoon ay tumatahan sa gitna ng
mga anak ni Israel.

**36** At ang mga pangulo ng mga sangbahayan ng mga
magulang ng mga anak ni Galaad, na anak ni Machir,
na anak ni Manases, sa mga angkan ng mga anak ni Jose,
ay nagsilapit, at nagsalita sa harap ni Moises at sa harap
ng mga prinsipe, na mga pangulo sa mga sangbahayan
ng mga magulang ng mga anak ni Israel: 2 At sinabi nila,
Ang Panginoon ay nagutos sa aking panginoon na ibigay
sa sapalaran ang lupain na pinakamana sa mga anak ni
Israel: at inutusan din naman ng Panginoon ang aking
panginoon na ibigay ang mana ni Salphaad na aming kapatid
sa kaniyang mga anak na babae. 3 At kung sila'y magasawa
sa kaninoman sa mga anak ng ibang mga lipi ng mga
anak ni Israel ay aalisin nga ang mana nila na mula sa
mana ng aming mga magulang, at sa idaragdag sa mana
ng lipi na kinauukulan nila: sa gayo'y aalisin sa manang
naukol sa amin. 4 At pagjujubileo ng mga anak ni Israel,
ay idaragdag nga ang kanilang mana sa mana ng lipi na
kanilang kinaukulan: sa gayo'y ang kanilang mana ay aalisin
sa mana ng lipi ng aming mga magulang. 5 At iniutos ni
Moises sa mga anak ni Israel ayon sa salita ng Panginoon
na sinasabi, Ang lipi ng mga anak ni Jose ay nagsasalita
ng matuwid. 6 Ito ang bagay na iniutos ng Panginoon
tungkol sa mga anak na babae ni Salphaad, na sinasabi,
Magasawa sila sa kaninomang kanilang magalingin; nguni't
sa angkan ng lipi lamang ng kanilang ama magasawa sila.
7 Sa gayon ay hindi magkakalipatlipat ang mana ng mga
anak ni Israel sa iba't ibang lipi: sapagka't ang mga anak ni
Israel ay masasanib bawa't isa sa mana ng lipi ng kaniyang
mga magulang. 8 At bawa't anak na babae na nagaari sa
anomang lipi ng mga anak ni Israel ay magasawa sa isa ng
angkan ng lipi ng kaniyang ama, upang ang mga anak ni
Israel ay magmana bawa't isa ng mana ng kaniyang mga
magulang. 9 Sa gayon ay hindi magkakalipatlipat ang mana
sa ibang lipi; sapagka't ang mga lipi ng mga anak ni Israel
ay masasanib bawa't isa sa kaniyang sariling mana. 10
Kung paanong iniutos ng Panginoon kay Moises, ay gayong
ginawa ng mga anak na babae ni Salphaad: 11 Sapagka't si
Maala, si Tirsa, si Holga, at si Milca, at si Noa, na mga anak
na babae ni Salphaad ay nagsipagasawa sa mga anak ng
mga kapatid ng kanilang ama. 12 Sila'y nag-asawa sa mga
angkan ng mga anak ni Manases na anak ni Jose; at ang
kanilang mana ay naiwan sa lipi ng angkan ng ama nila.
13 Ito ang mga utos at ang mga kahatulan, na iniutos ng
Panginoon sa pamamagitan ni Moises sa mga anak ni Israel
sa mga kapatagan ng Moab sa tabi ng Jordan sa Jerico.

# Deuteronomio

1 Ito ang mga salita na sinalita ni Moises sa buong Israel
sa dako roon ng Jordan sa ilang, sa Araba na katapat ng
Suph, sa pagitan ng Paran, at ng Thopel, at ng Laban, at ng
Haseroth, at ng Di-zahab. 2 Labing isang araw na lakbayin
mula sa Horeb kung dadaan ng bundok ng Seir hanggang
sa Cades-barnea. 3 At nangyari nang ikaapat na pung taon,
nang ikalabing isang buwan, nang unang araw ng buwan,
na nagsalita si Moises sa mga anak ni Israel, tungkol sa
lahat na ibinigay sa kaniyang utos ng Panginoon sa kanila; 4
Pagkatapos na kaniyang masaktan si Sehon na hari ng mga
Amorrheo, na tumatahan sa Hesbon, at si Og na hari sa
Basan, na tumatahan sa Astarot sa Edrei: 5 Sa dako roon
ng Jordan, sa lupain ng Moab, pinasimulan ni Moises na
ipinahayag ang kautusang ito, na sinasabi, 6 Ang Panginoon
nating Dios ay nagsalita sa atin sa Horeb, na nagsasabi,
Kayo'y nakatahan ng malaon sa bundok na ito: 7 Pumihit
kayo, at kayo'y maglakbay, at kayo'y pumaroon sa lupaing
maburol ng mga Amorrheo, at sa lahat ng mga dakong
malapit, sa Araba, sa lupaing maburol, at sa mababang
lupain, at sa Timugan, at sa baybayin ng dagat, sa lupain ng
mga Cananeo at sa Lebano, hanggang sa malaking ilog, na
ilog Eufrates. 8 Narito, aking inilagay ang lupain sa harap
ninyo: inyong pasukin at ariin ang lupain na isinumpa ng
Panginoon sa inyong mga magulang, kay Abraham, kay
Isaac, at kay Jacob, na ibibigay sa kanila at sa kanilang binhi
pagkamatay nila. 9 At ako'y nagsalita sa inyo nang panahong
yaon na sinasabi, Hindi ko madadalang magisa kayo: 10
Pinarami kayo ng Panginoon ninyong Dios, at, narito, kayo
sa araw na ito ay gaya ng mga bituin sa langit sa karamihan.
11 Kayo nawa'y dagdagan ng Panginoon, ng Dios ng inyong
mga magulang, ng makalibo pa sa dami ninyo ngayon, at
kayo nawa'y pagpalain, na gaya ng ipinangako niya sa inyo!
12 Paanong madadala kong magisa ang inyong ligalig, at
ang inyong pasan, at ang inyong pagkakaalitan? 13 Kumuha
kayo sa inyo ng mga lalaking pantas, at nakakaalam, at
kilala, ayon sa inyong mga lipi, at sila'y aking gagawing
pangulo sa inyo. 14 At kayo'y sumagot sa akin at nagsabi,
Ang bagay na iyong sinalita ay mabuting gawin namin. 15 Sa
gayo'y kinuha ko sa inyo ang mga pangulo ng inyong mga
lipi, na mga taong pantas, at kilala, at akin silang ginawang
pangulo sa inyo, na mga punong kawal ng libolibo, at mga
punong kawal ng mga daandaan, at mga punong kawal
ng mga limangpu-limangpu, at mga punong kawal ng mga
sangpu-sangpu, at mga pinuno ayon sa inyong mga lipi. 16
At aking pinagbilinan ang inyong mga hukom nang panahong
yaon na sinasabi, Inyong dinggin ang mga usap ng inyong
mga kapatid, at inyong hatulan ng matuwid ang tao at ang
kaniyang kapatid, at ang taga ibang lupa na kasama niya.
17 Huwag kayong magtatangi ng tao sa kahatulan; inyong
didinggin ang maliliit, na gaya ng malaki: huwag kayong
matatakot sa mukha ng tao; sapagka't ang kahatulan ay
sa Dios: at ang usap na napakahirap sa inyo, ay inyong
dadalhin sa akin, at aking didinggin. 18 At aking iniutos sa
inyo nang panahong yaon ang lahat ng mga bagay na inyong
dapat gagawin. 19 At tayo ay naglakbay mula sa Horeb at
ating tinahak yaong buong malawak at kakilakilabot na ilang
na inyong nakita, sa daang patungo sa lupaing maburol ng
mga Amorrheo, na gaya ng iniutos ng Panginoon nating Dios
sa atin, at tayo'y dumating sa Cades-barnea. 20 At aking
sinabi sa inyo, Inyong narating ang lupaing maburol ng mga
Amorrheo na ibinibigay sa atin ng Panginoon nating Dios. 21
Narito, inilalagay ng Panginoon ninyong Dios ang lupain sa
harap mo: sampahin mo, ariin mo, na gaya ng sinalita sa
iyo ng Panginoon, ng Dios ng iyong mga magulang; huwag
kang matakot, ni manglupaypay. 22 At kayo'y lumapit sa
akin, bawa't isa sa inyo, at nagsabi, Tayo'y magsugo ng
mga lalake sa unahan natin, upang kanilang kilalanin ang
lupain para sa atin, at magbigay alam sa atin ng daang ating
marapat sampahan, at ng mga bayang ating daratnin. 23
At ang bagay na yaon ay inakala kong magaling: at ako'y
kumuha ng labing dalawang lalake sa inyo, na isang lalake
sa bawa't lipi. 24 At sila'y pumihit at sumampa sa bundok, at
dumating hanggang sa libis ng Escol, at kanilang tiniktikan.
25 At sila'y nagbitbit ng bunga ng lupain sa kanilang mga
kamay, at kanilang ipinanaog sa atin, at sila'y nagdala
ng kasagutan at nagsabi, Mabuting lupain ang ibinibigay
sa atin ng Panginoon nating Dios. 26 Gayon ma'y hindi
kayo umakyat, kundi nanghimagsik kayo laban sa utos ng
Panginoon ninyong Dios. 27 At kayo'y dumaing sa inyong
mga tolda, at inyong sinabi, Sapagka't kinapootan tayo ng
Panginoon, ay inilabas tayo sa lupain ng Egipto, upang
tayo'y ibigay sa kamay ng mga Amorrheo, upang tayo'y
lipulin. 28 Saan tayo sasampa? pinapanglupaypay ng ating
mga kapatid ang ating puso, na sinasabi, Ang mga tao ay
malalaki at matataas kay sa atin; ang mga bayan ay malalaki
at nakukutaan ng hanggang sa himpapawid; at bukod dito'y
aming nakita roon ang mga anak ng mga Anaceo. 29 Nang
magkagayo'y sinabi ko sa inyo, Huwag kayong mangilabot
ni matakot sa kanila. 30 Ang Panginoon ninyong Dios, na
nangunguna sa inyo, ay kaniyang ipakikipaglaban kayo,
ayon sa lahat ng kaniyang ginawa sa Egipto dahil sa inyo
sa harap ng inyong mga mata; 31 At sa ilang, na inyong
kinakitaan kung paanong dinala ka ng Panginoon ninyong
Dios, na gaya ng pagdadala ng tao sa kaniyang anak, sa
buong daang inyong nilakaran hanggang sa dumating kayo
sa dakong ito. 32 Gayon ma'y sa bagay na ito, ay hindi

kayo sumampalataya sa Panginoon ninyong Dios, 33 Na
nagpauna sa inyo sa daan, upang ihanap kayo ng dakong
mapagtatayuan ng inyong mga tolda, na nasa apoy pagka
gabi, upang ituro sa inyo kung saang daan kayo dadaan,
at nasa ulap pagka araw. 34 At narinig ng Panginoon ang
tinig ng inyong mga salita, at nag-init, at sumumpa, na
nagsasabi, 35 Tunay na hindi makikita ng isa man nitong
mga taong masamang lahi ang mabuting lupain na aking
isinumpang ibigay sa inyong mga magulang, 36 Liban si
Caleb na anak ni Jephone; at siya ang makakakita; at sa
kaniya ko ibibigay ang lupain na kaniyang tinuntungan, at sa
kaniyang mga anak: sapagka't siya'y lubos na sumunod sa
Panginoon. 37 Ang Panginoon ay nagalit din sa akin, dahil sa
inyo, na nagsasabi, Ikaw man ay hindi papasok doon: 38 Si
Josue na anak ni Nun, na nakatayo sa harap mo, ay siyang
papasok doon: palakasin mo ang kaniyang loob; sapagka't
kaniyang ipamamana sa Israel. 39 Bukod dito'y ang inyong
mga bata, na inyong sinasabing magiging bihag, at ang
inyong mga anak na sa araw na ito ay hindi nakakaalam
ng mabuti o ng masama, ay sila ang papasok doon, at sa
kanila'y aking ibibigay, at kanilang aariin. 40 Nguni't tungkol
sa inyo, ay bumalik kayo, at maglakbay kayo sa ilang sa
daang patungo sa Dagat na Mapula. 41 Nang magkagayo'y
sumagot kayo at sinabi ninyo sa akin, Kami ay nagkasala
laban sa Panginoon, kami ay sasampa at lalaban, ayon
sa buong iniutos sa amin ng Panginoon naming Dios. At
nagsipagsakbat bawa't isa sa inyo ng kanikaniyang sandata
na pangdigma, at kayo'y nagmadaling sumampa sa bundok.
42 At sinabi sa akin ng Panginoon, Sabihin mo sa kanila,
Huwag kayong sumampa, ni lumaban; sapagka't ako'y wala
sa inyo; baka kayo'y masugatan sa harap ng inyong mga
kaaway. 43 Gayon sinalita ko sa inyo, at hindi ninyo dininig;
kundi kayo'y nanghimagsik laban sa utos ng Panginoon, at
naghambog at umakyat sa bundok. 44 At ang mga Amorrheo
na tumatahan sa bundok na yaon, ay nagsilabas na laban
sa inyo, at kayo'y hinabol, na gaya ng ginagawa ng mga
pukyutan, at kayo'y tinalo sa Seir, hanggang sa Horma. 45
At kayo'y bumalik at umiyak sa harap ng Panginoon; nguni't
hindi dininig ng Panginoon ang inyong tinig, ni pinakinggan
kayo. 46 Sa gayon, ay natira kayong malaon sa Cades, ayon
sa mga araw na inyong itinira roon.

**2** Nang magkagayo'y pumihit tayo, at lumakad tayo sa
ilang na daang patungo sa Dagat na Mapula, gaya ng
sinalita sa akin ng Panginoon; at tayo'y malaong lumigid
sa bundok ng Seir. 2 At ang Panginoon ay nagsalita sa
akin, na sinasabi, 3 Malaon na ninyong naligid ang bundok
na ito: lumiko kayo sa dakong hilagaan. 4 At iutos mo sa
bayan, na iyong sabihin, Kayo'y dadaan sa hangganan ng
inyong mga kapatid na mga anak ni Esau, na tumatahan sa
Seir; at sila'y matatakot sa inyo. Magsipagingat nga kayong
mabuti: 5 Huwag kayong makipagkaalit sa kanila; sapagka't
hindi ko ibibigay sa inyo ang kanilang lupain, kahit ang
natutungtungan ng talampakan ng isang paa: sapagka't
ibinigay ko kay Esau, na pinakaari ang bundok ng Seir. 6
Kayo'y bibili sa kanila ng pagkain sa pamamagitan ng salapi,
upang kayo'y makakain; at kayo'y bibili rin sa kanila ng
tubig sa pamamagitan ng salapi, upang kayo'y makainom. 7
Sapagka't pinagpala ka ng Panginoon mong Dios, sa lahat
ng gawa ng iyong kamay; kaniyang natalastas ang iyong
paglalakbay dito sa malawak na ilang; sa loob nitong apat na
pung taon ay sumaiyo ang Panginoon mong Dios; ikaw ay di
kinulang ng anoman. 8 Gayon tayo nagdaan sa ating mga
kapatid, na mga anak ni Esau, na tumatahan sa Seir, mula
sa daan ng Araba, mula sa Elath at mula sa Esion-geber. At
tayo'y bumalik at nagdaan sa ilang ng Moab. 9 At sinabi
sa akin ng Panginoon, Huwag mong kaalitin ang Moab, ni
kakalabanin sila sa digma; sapagka't hindi kita bibigyan sa
kaniyang lupain ng pinakaari; sapagka't aking ibinigay na
pinakaari ang Ar sa mga anak ni Lot. 10 (Ang mga Emimeo
ay nanahan doon noong una, bayang malaki, at marami, at
matataas na gaya ng mga Anaceo: 11 Ang mga ito man
ay ibinilang na mga Rephaim, na gaya ng mga Anaceo;
nguni't tinatawag silang Emimeo ng mga Moabita. 12 Ang
mga Hereo man ay tumahan sa Seir noong una, nguni't
ang mga anak ni Esau ay humalili sa kanila; at nalipol sila
ng mga ito sa harap din nila, at tumahan na kahalili nila;
gaya ng ginawa ng Israel sa lupaing kaniyang pag-aari, na
ibinigay ng Panginoon sa kanila.) 13 Ngayon, tumindig kayo,
at tumawid kayo sa batis ng Zered. At tayo'y tumawid sa
batis ng Zered. 14 At ang mga araw na ating ipinaglakad
mula sa Cades-barnea hanggang sa tayo'y nakarating sa
batis ng Zered, ay tatlong pu't walong taon, hanggang sa
ang buong lahi ng mga lalaking mangdidigma ay nalipol
sa gitna ng kampamento, gaya ng isinumpa sa kanila ng
Panginoon. 15 Bukod dito'y ang kamay ng Panginoon
ay naging laban sa kanila, upang lipulin sila sa gitna ng
kampamento, hanggang sa sila'y nalipol. 16 Kaya't nangyari,
nang malipol at mamatay sa gitna ng bayan ang lahat ng
lalaking mangdidigma. 17 Ay sinalita sa akin ng Panginoon,
na sinasabi, 18 Ikaw ay dadaan sa araw na ito sa Ar, na
hangganan ng Moab: 19 At pagka ikaw ay matatapat sa
mga anak ni Ammon, ay huwag kang manampalasan sa
kanila ni makipagtalo sa kanila: sapagka't hindi ko ibibigay
sa iyo na pinakaari ang lupain ng mga anak ni Ammon:
sapagka't aking ibinigay na pinakaari sa mga anak ni Lot. 20
(Yaon man ay ibinilang na lupain ng mga Rephaim: ang mga
Rephaim ang tumatahan doon noong una; nguni't tinawag
na mga Zomzommeo ng mga Ammonita; 21 Bayang malaki

at marami at matataas na gaya ng mga Anaceo; nguni't
nilipol sila ng Panginoon sa harap nila; at sila'y humalili sa
kanila, at tumahang kahalili nila: **22** Gaya ng ginawa ng
Panginoon sa mga anak ni Esau, na tumatahan sa Seir,
nang kaniyang lipulin ang mga Horeo sa harap nila; at sila'y
humalili sa kanila, at tumahang kahalili nila hanggang sa
araw na ito: **23** At ang mga Heveo na nangagsitahan sa
mga nayon hanggang sa Gaza, ay nilipol ng mga Caftoreo
na nangagmula sa Caftor, at tumahang kahalili nila.) **24**
Magsitindig kayo, kayo'y maglakbay, at magdaan kayo sa
libis ng Arnon: narito, aking ibinigay sa iyong kamay si Sehon
na Amorrheo, na hari sa Hesbon, at ang kaniyang lupain:
pasimulan mong ariin, at kalabanin mo siya sa digma. **25**
Sa araw na ito ay pasisimulan kong ilagay sa mga bayang
nangasa silong ng buong langit, ang sindak sa iyo at ang
takot sa iyo, na maririnig nila ang iyong kabantugan, at
magsisipanginig, at mangahahapis, dahil sa iyo. **26** At ako'y
nagsugo ng mga sugo mula sa ilang ng Cademoth kay
Sehon na hari sa Hesbon na may mapayapang pananalita,
na sinasabi, **27** Paraanin mo ako sa iyong lupain: sa daan
lamang ako lalakad, hindi ako liliko maging sa kanan ni
sa kaliwa. **28** Pagbibilhan mo ako ng pagkain sa salapi,
upang makakain ako, at bibigyan mo ako ng tubig sa salapi,
upang makainom ako; paraanin mo lamang ako ng aking
mga paa; **29** Gaya ng ginawa sa akin ng mga anak ni Esau,
na tumatahan sa Seir, at ng mga Moabita na tumatahan sa
Ar; hanggang sa makatawid ako sa Jordan, sa lupaing sa
amin ay ibinibigay ng Panginoon naming Dios. **30** Nguni't
ayaw tayong paraanin ni Sehon na hari sa Hesbon sa lupa
niya; sapagka't pinapagmatigas ng Panginoon mong Dios
ang kaniyang diwa, at pinapagmatigas ang kaniyang puso,
upang maibigay siya sa iyong kamay gaya sa araw na ito. **31**
At sinabi sa akin ng Panginoon, Narito, aking pinasimulang
ibigay sa harap mo si Sehon at ang kaniyang lupain:
pasimulan mong ariin upang iyong mamana ang kaniyang
lupain. **32** Nang magkagayo'y lumabas si Sehon laban sa
atin, siya at ang buong bayan niya, sa pakikipagbaka sa
Jahaz. **33** At ibinigay siya ng Panginoon nating Dios sa
harap natin; at ating sinaktan siya, at ang kaniyang mga
anak at ang kaniyang buong bayan. **34** At ating sinakop
ang lahat niyang mga bayan nang panahong yaon, at ating
lubos na nilipol ang bawa't bayan na tinatahanan, sangpu
ng mga babae at ng mga bata; wala tayong itinira: **35** Ang
mga hayop lamang ang dinalang pinakasamsam, sangpu ng
mga nasamsam sa mga bayan na ating sinakop. **36** Mula sa
Aroer na nasa tabi ng libis ng Arnon at mula sa bayan na
nasa libis, hanggang sa Galaad, ay wala tayong minataas
na bayan: ibinigay na lahat sa harap natin ng Panginoon
nating Dios: **37** Sa lupain lamang ng mga anak ni Ammon
hindi ka lumapit; sa buong pangpang ng ilog Jaboc at sa
mga bayan ng lupaing maburol, at saan man na ipinagbawal
sa atin ng Panginoon nating Dios.

**3** Nang magkagayo'y pumihit tayo, at ating sinampa ang
daang patungo sa Basan: at si Og na hari sa Basan ay
lumabas laban sa atin, siya at ang buong bayan niya, sa
pakikipagbaka sa Edrei. **2** At sinabi sa akin ng Panginoon,
Huwag mong katakutan siya, sapagka't aking ibinigay sa
iyong kamay siya, at ang kaniyang buong bayan, at ang
kaniyang lupain; at iyong gagawin sa kaniya ang gaya ng
iyong ginawa kay Sehon na hari ng mga Amorrheo, na
tumahan sa Hesbon. **3** Gayon din ibinigay ng Panginoon
nating Dios sa ating kamay si Og, na hari sa Basan, at
ang buong bayan niya; at ating sinaktan siya hanggang
sa walang natira sa kaniya. **4** At ating sinakop ang lahat
niyang mga bayan nang panahong yaon; walang bayan
na di sinakop natin sa kanila; anim na pung bayan ang
buong lupain ng Argob, ang kaharian ni Og, sa Basan. **5**
Ang lahat ng ito'y mga bayang nakukutaan ng matataas na
kuta, na may mga pintuang-bayan at mga halang; bukod
pa ang napakaraming mga bayan na walang kuta. **6** At
ating lubos na nilipol, na gaya ng ating ginawa kay Sehon
na hari sa Hesbon, na lubos nating nilipol bawa't bayan na
tinatahanan, sangpu ng mga babae at ng mga bata. **7** Nguni't
ang madlang kawan at ang nasamsam sa mga bayan ay
ating dinala. **8** At ating sinakop ang lupain nang panahong
yaon sa kamay ng dalawang hari ng mga Amorrheo na nasa
dako roon ng Jordan, mula sa libis ng Arnon hanggang sa
bundok ng Hermon; **9** (Na siyang Hermon ay tinatawag ng
mga taga Sidon na Sirion, at tinatawag ng mga Amorrheo na
Senir): **10** Lahat ng mga bayan ng kapatagan, at ang buong
Galaad, at ang buong Basan, hanggang Salcha at Edrei,
na mga bayan ng kaharian ni Og sa Basan. **11** (Sapagka't
si Og lamang na hari sa Basan ang nalalabi sa natira sa
mga Rephaim; narito, ang kaniyang higaan ay higaang
bakal; wala ba ito sa Rabbath ng mga anak ni Ammon?
siyam na siko ang haba niyaon at apat na siko ang luwang
niyaon, ayon sa siko ng isang lalake). **12** At ang lupaing ito'y
ating sinakop na pinakaari nang panahong yaon; mula sa
Aroer, na nasa tabi ng libis ng Arnon, at kalahati ng lupaing
maburol ng Galaad, at ang mga bayan niyaon, ay aking
ibinigay sa mga Rubenita at sa mga Gadita: **13** At ang labis
ng Galaad, at ang buong Basan, na kaharian ni Og, ay aking
ibinigay sa kalahating lipi ni Manases; ang buong lupain ng
Argob, sa makatuwid baga'y ang buong Basan. (Siya ring
tinatawag na lupain ng mga Rephaim. **14** Sinakop ni Jair na
anak ni Manases ang buong lupain ng Argob, hanggang
sa hangganan ng mga Gessureo at ng mga Machateo; at
mga tinawag niya ng Basan ayon sa kaniyang pangalang

Havot-jair hanggang sa araw na ito.) 15 At aking ibinigay ang
Galaad kay Machir. 16 At sa mga Rubenita at sa mga Gadita
ay aking ibinigay ang mula sa Galaad hanggang sa libis ng
Arnon, na siyang kalahatian ng libis, na pinaka hangganan
niyaon hanggang sa ilog Jaboc, na siyang hangganan ng
mga anak ni Ammon; 17 Pati ng Araba at ng Jordan at ng
hangganan niyaon, mula sa Cinereth hanggang sa Dagat
ng Araba na Dagat na Alat, sa ibaba ng gulod ng Pisga
sa dakong silanganan. 18 At kayo'y aking inutusan nang
panahong yaon, na sinasabi, Ibinigay sa inyo ng Panginoon
ninyong Dios ang lupaing ito upang ariin: kayo'y daraang
may sakbat sa harap ng inyong mga kapatid na mga anak ni
Israel, lahat ng taong matapang. 19 Nguni't ang inyong mga
asawa at ang inyong mga bata, at ang inyong mga hayop,
(aking talastas na kayo'y mayroong maraming hayop), ay
mangatitira sa inyong mga bayan na aking ibinigay sa inyo;
20 Hanggang sa bigyan ng Panginoon ng kapahingahan ang
inyong mga kapatid, na gaya ninyo, at kanilang ariin naman
ang lupain na ibinigay sa kanila ng Panginoon ninyong Dios,
sa dako roon ng Jordan; kung magkagayon ay babalik ang
bawa't lalake sa inyo sa kaniyang pag-aari, na aking ibinigay
sa inyo. 21 At aking iniutos kay Josue nang panahong yaon,
na sinasabi, Nakita ng iyong mga mata ang lahat ng ginawa
ng Panginoon mong Dios sa dalawang haring ito; gayon ang
gagawin ng Panginoon sa lahat ng mga kahariang iyong
daraanan. 22 Huwag kayong matakot sa kanila: sapagka't
ipinakikipaglaban kayo ng Panginoon ninyong Dios. 23 At
ako'y dumalangin sa Panginoon nang panahong yaon, na
sinasabi, 24 Oh Panginoong Dios, iyong minulang ipinakilala
sa iyong lingkod ang iyong kadakilaan at ang iyong kamay
na makapangyarihan: ano ngang Dios sa langit o sa lupa
ang makagagawa ng ayon sa iyong mga gawa, at ayon sa
iyong mga makapangyarihang kilos? 25 Paraanin mo nga
ako, isinasamo ko sa iyo, at aking makita ang mabuting
lupain na nasa dako roon ng Jordan, yaong mainam na
bundok, at ang Libano. 26 Nguni't ang Panginoon ay nagalit
sa akin dahil sa inyo, at hindi ako dininig; at sinabi sa akin
ng Panginoon, Siya na; huwag ka nang magsalita pa sa akin
ng tungkol sa bagay na ito. 27 Sumampa ka sa taluktok
ng Pisga at ilingap mo ang iyong mga mata sa dakong
kalunuran, at sa dakong hilagaan, at sa dakong timugan, at
sa dakong silanganan, at masdan mo ng iyong mga mata;
sapagka't hindi ka makatatawid sa Jordang ito. 28 Nguni't
pagbilinan mo si Josue, at palakasin mo ang kaniyang loob
at palakasin mo siya: sapagka't siya'y daraan sa harap ng
bayang ito, at kaniyang ipamamana sa kanila ang lupain na
iyong makikita. 29 Sa gayo'y tumahan tayo sa libis, na nasa
tapat ng Beth-peor.

4
At ngayon, Oh Israel, dinggin mo ang mga palatuntunan
at ang mga kahatulan, na aking itinuturo sa inyo, upang
sundin ninyo; upang kayo'y mabuhay, at pumasok, at inyong
ariin ang lupain na ibinibigay sa inyo ng Panginoon, ng Dios
ng inyong mga magulang. 2 Huwag ninyong daragdagan
ni babawasan ang salita na aking iniuutos sa inyo, upang
inyong maingatan ang mga utos ng Panginoon ninyong Dios
na aking iniuutos sa inyo. 3 Nakita ng inyong mga mata
ang ginawa ng Panginoon tungkol kay Baal-peor, sapagka't
lahat ng mga tao na sumunod kay Baal-peor, ay nilipol ng
Panginoon mong Dios sa gitna mo. 4 Nguni't kayong umayon
sa Panginoon ninyong Dios ay nangabubuhay pa ang bawa't
isa sa inyo sa araw na ito. 5 Narito, aking tinuruan kayo ng
mga palatuntunan at ng mga kahatulan, na gaya ng iniutos
sa akin ng Panginoon kong Dios upang inyong gawing
gayon sa gitna ng lupain na inyong paroroonan upang ariin.
6 Ingatan nga ninyo at inyong isagawa; sapagka't ito ang
inyong karunungan at ang inyong kaalaman sa paningin
ng mga tao, na makakarinig ng mga palatuntunang ito, at
magsasabi, Tunay na ang dakilang bansang ito ay isang
pantas at maalam na bayan. 7 Sapagka't anong dakilang
bansa nga ang may dios na napakalapit sa kanila, na gaya
ng Panginoon nating Dios kailan man tayo'y tumawag sa
kaniya? 8 At anong dakilang bansa nga, ang may mga
palatuntunan at mga kahatulang napaka-tuwid na gaya ng
buong kautusang ito, na aking inilalagda sa harap ninyo
sa araw na ito? 9 Magingat ka lamang sa iyong sarili, at
ingatan mo ang iyong kaluluwa ng buong sikap, baka iyong
malimutan ang mga bagay na nakita ng iyong mga mata,
at baka mangahiwalay sa iyong puso ang lahat ng araw
ng iyong buhay; kundi iyong ipakilala sa iyong mga anak
at sa mga anak ng iyong mga anak; 10 Yaong araw na
ikaw ay tumayo sa harap ng Panginoon mong Dios sa
Horeb, nang sabihin sa akin ng Panginoon, Papagpisanin
mo sa akin ang bayan, at aking iparirinig sa kanila ang
aking mga salita, upang sila'y magaral na matakot sa akin
sa lahat ng araw na kanilang ikabubuhay sa ibabaw ng
lupa, at upang kanilang maituro sa kanilang mga anak. 11
At kayo'y lumapit at tumayo sa ibaba ng bundok; at ang
bundok ay nagningas sa apoy hanggang sa kaibuturan
ng langit, sangpu ng kadiliman, ulap, at salisalimuot na
kadiliman. 12 At ang Panginoo'y nagsalita sa inyo mula sa
gitna ng apoy; inyong narinig ang tinig ng mga salita, nguni't
wala kayong anyong nakita; ang inyo lamang narinig ay
isang tinig. 13 At kaniyang ipinahayag sa inyo ang kaniyang
tipan, na kaniyang iniutos sa inyong ganapin, sa makatuwid
baga'y ang sangpung utos; at kaniyang isinulat sa dalawang
tapyas na bato. 14 At iniutos sa akin ng Panginoon nang
panahong yaon, na turuan ko kayo ng mga palatuntunan at

mga kahatulan, upang inyong mangagawa sa lupaing inyong
paroroonan upang ariin. **15** Ingatan nga ninyong mabuti ang
inyong sarili; sapagka't wala kayong nakitang anomang anyo
nang araw na magsalita ang Panginoon sa inyo sa Horeb
mula sa gitna ng apoy: **16** Baka kayo'y mangagpakasama,
at kayo'y gumawa sa inyo ng isang larawang inanyuan na
kawangis ng alin mang larawan, na kahawig ng lalake o
babae, **17** Na kahawig ng anomang hayop na nasa lupa,
na kahawig ng anomang ibong may pakpak na lumilipad
sa himpapawid, **18** Na kahawig ng anomang bagay na
umuusad sa lupa, na kahawig ng anomang isda na nasa
tubig sa ilalim ng lupa: **19** At baka iyong itingin ang iyong
mga mata sa langit, at kung iyong makita ang araw at ang
buwan, at ang mga bituin, sangpu ng buong natatanaw sa
langit, ay mabuyo ka at iyong sambahin, at paglingkuran,
na binahagi ng Panginoon ninyong Dios sa lahat ng mga
bayan na nasa silong ng buong langit. **20** Nguni't kinuha
kayo ng Panginoon, at hinango kayo sa hurnong bakal,
sa Egipto, upang kayo'y maging sa kaniya'y isang bayang
mana, gaya sa araw na ito. **21** Bukod dito'y nagalit sa
akin ang Panginoon dahil sa inyo, at sumumpa na ako'y
hindi tatawid sa Jordan, at hindi ako papasok sa mabuting
lupaing yaon, na ibinigay ng Panginoon mong Dios sa iyo na
pinakamana: **22** Kundi ako'y nararapat mamatay sa lupaing
ito, ako'y hindi nararapat tumawid sa Jordan: nguni't kayo'y
tatawid, at inyong aariin ang mabuting lupaing yaon. **23**
Mangagingat nga kayo, baka inyong malimutan ang tipan ng
Panginoon ninyong Dios, na kaniyang pinagtibay sa inyo,
at kayo'y gumawa ng larawang inanyuan na kahawig ng
anomang bagay na ipinagbawal sa iyo ng Panginoon mong
Dios. **24** Sapagka't ang Panginoon mong Dios ay isang apoy
na mamumugnaw, mapanibughuing Dios nga. **25** Pagka
ikaw ay nagkaanak at nagkaanak ang inyong mga anak, at
nagluwat kayo ng malaon sa lupaing yaon, at nagpakasama
kayo, at gumawa kayo ng larawang inanyuan na kahawig ng
anomang bagay, at gumawa kayo ng masama sa paningin
ng Panginoon mong Dios, upang mungkahiin ninyo siya
sa kagalitan: **26** Ay aking tinatawag ang langit at ang lupa
upang sumaksi laban sa inyo sa araw na ito, na kayo'y
malilipol na madali na walang pagsala sa lupain na inyong
tinutungo ng pagdadaan sa Jordan, upang ariin: hindi ninyo
mapatatagal doon ang inyong mga araw, kundi kayo'y lubos
na malilipol. **27** At pangangalatin kayo ng Panginoon sa
mga bayan, at kayo'y malalabing kaunti sa bilang sa gitna
ng mga bansa, na pagdadalhan sa inyo ng Panginoon. **28**
At doo'y maglilingkod kayo sa mga dios, na yari ng mga
kamay ng mga tao, kahoy at bato na hindi nangakakakita, ni
nangakakarinig, ni nangakakakain, ni nangakakaamoy. **29**
Nguni't mula roon ay iyong hahanapin ang Panginoon mong
Dios, at iyong masusumpungan, kung iyong hahanapin siya
ng buo mong puso at ng buo mong kaluluwa. **30** Pagka
ikaw ay nasa kapighatian, at ang lahat ng mga bagay na
ito ay dumating sa iyo sa mga huling araw, ay magbabalik
loob ka sa Panginoon mong Dios, at iyong didinggin ang
kaniyang tinig. **31** Sapagka't ang Panginoon mong Dios ay
maawaing Dios; hindi ka niya pababayaan, ni lilipulin ka niya
ni kalilimutan ang tipan sa iyong mga magulang na kaniyang
isinumpa sa kanila. **32** Sapagka't ipagtanong mo nga sa mga
araw na nagdaan, na nangauna sa iyo, mula nang araw na
lalangin ng Dios ang tao sa ibabaw ng lupa, at mula sa isang
hangganan ng langit hanggang sa kabila, kung nagkaroon
ng gaya ng dakilang bagay na ito, o may narinig na gaya
nito? **33** Narinig ba kaya kailan man ng mga tao ang tinig ng
Dios na nagsalita sa gitna ng apoy, gaya ng narinig mo,
at nabuhay? **34** O may Dios kaya na nagsikap na yumaon
at sumakop ng isang bansa sa gitna ng ibang bansa, sa
pamamagitan ng mga tukso, ng mga tanda, at ng mga
kababalaghan, at ng pagbabaka, at ng makapangyarihang
kamay, at ng unat na bisig, at ng mga malaking kakilabutan
ayon sa lahat na ginawa ng Panginoon mong Dios sa iyo sa
Egipto, sa harap ng iyong mga mata? **35** Sa iyo ipinakita ito,
upang iyong makilala na ang Panginoon ay siyang Dios;
wala nang iba liban sa kaniya. **36** Mula sa langit ay ipinarinig
niya sa iyo ang kaniyang tinig, upang kaniyang turuan ka; at
sa ibabaw ng lupa ay kaniyang ipinakita sa iyo ang kaniyang
dakilang apoy, at iyong narinig ang kaniyang mga salita sa
gitna ng apoy. **37** At sapagka't kaniyang inibig ang iyong
mga magulang, kaya kaniyang pinili ang kaniyang binhi
pagkatapos nila, at inilabas ka niya sa Egipto ng kaniyang
pagharap, ng kaniyang dakilang kapangyarihan; **38** Upang
palayasin sa harap mo ang mga bansang lalong malalaki at
lalong makapangyarihan kay sa iyo, upang ikaw ay kaniyang
papasukin, na ibigay sa iyo na pinakamana ang kanilang
lupain, gaya sa araw na ito. **39** Talastasin mo nga sa araw na
ito at isapuso mo, na ang Panginoon ay siyang Dios sa itaas
sa langit at sa ibaba sa lupa; wala nang iba pa. **40** At iyong
iingatan ang kaniyang mga palatuntunan at ang kaniyang
mga utos, na aking iniuutos sa iyo sa araw na ito, upang
ikabuti mo, at ng iyong mga anak pagkamatay mo, at upang
iyong mapalaon ang iyong mga araw sa ibabaw ng lupaing
yaon, na ibinigay sa iyo magpakailan man ng Panginoon
mong Dios. **41** Nang magkagayo'y inihiwalay ni Moises ang
tatlong bayan sa dako roon ng Jordan sa dakong sinisikatan
ng araw; **42** Upang ang nakamatay ng tao ay tumakas doon,
na nakamatay sa kaniyang kapuwa na hindi sinasadya, at
hindi niya kinapopootan nang panahong nakaraan; at sa
pagtakas sa isa sa mga bayang ito ay mabuhay siya: **43**
Sa makatuwid baga'y sa Beser, sa ilang, sa kapatagang

lupa, na ukol sa mga Rubenita; at sa Ramoth sa Galaad, na
ukol sa mga Gadita; at sa Golan sa Basan, na ukol sa mga
Manasita. 44 At ito ang kautusang sinalaysay ni Moises sa
harap ng mga anak ni Israel: 45 Ito ang mga patotoo, at
ang mga palatuntunan, at ang mga kahatulan, na sinalita
ni Moises sa mga anak ni Israel, nang sila'y lumabas sa
Egipto; 46 Sa dako pa roon ng Jordan, sa libis na nasa tapat
ng Beth-peor, sa lupain ni Sehon na hari ng mga Amorrheo
na tumatahan sa Hesbon, na siyang sinaktan ni Moises at
ng mga anak ni Israel, nang sila'y umalis sa Egipto; 47 At
kanilang sinakop ang kaniyang lupain na pinakaari, at ang
lupain ni Og na hari sa Basan, ang dalawang hari ng mga
Amorrheo, na nangasa dako pa roon ng Jordan sa dakong
sinisikatan ng araw; 48 Mula sa Aroer na nasa hangganan
ng libis ng Arnon, hanggang sa bundok ng Sion (na siya ring
Hermon), 49 At ang buong Araba sa dako roon ng Jordan sa
dakong silanganan, hanggang sa dagat ng Araba sa ibaba
ng gulod ng Pisga.

**5** At tinawag ni Moises ang buong Israel, at sinabi sa
kanila, Dinggin mo, Oh Israel, ang mga palatuntunan
at mga kahatulan na aking sinalita sa inyong mga pakinig
sa araw na ito, upang matutunan ninyo sila, at ingatan at
isagawa sila. 2 Ang Panginoong ating Dios ay nakipagtipan
sa atin sa Horeb. 3 Hindi pinagtibay ng Panginoon ang
tipang ito sa ating mga magulang, kundi sa atin, sa atin
ngang nangariritong lahat na buhay sa araw na ito. 4 Sinalita
ng Panginoon sa inyo ng mukhaan sa bundok mula sa
gitna ng apoy 5 (Ako'y tumayo sa pagitan ng Panginoon
at ninyo nang panahong yaon, upang ipatalastas sa inyo
ang salita ng Panginoon: sapagka't kayo'y natatakot dahil
sa apoy, at hindi kayo sumampa sa bundok; ) na sinasabi,
6 Ako ang Panginoon mong Dios na naglabas sa iyo sa
lupain ng Egipto, sa bahay ng pagkaalipin. 7 Huwag kang
magkakaroon ng ibang mga Dios sa harap ko. 8 Huwag
kang gagawa para sa iyo ng larawang inanyuan na kawangis
ng anomang anyong nasa itaas sa langit, o ng nasa ibaba
sa lupa, o ng nasa tubig sa ilalim ng lupa: 9 Huwag mong
yuyukuran sila o paglilingkuran man sila: sapagka't akong
Panginoon mong Dios ay mapanibughuing Dios, na aking
dinadalaw ang kasamaan ng mga magulang sa mga anak,
sa ikatlo at sa ikaapat na salin ng nangapopoot sa akin; 10
At pinagpapakitaan ko ng kaawaan ang libolibong umiibig
sa akin at tumutupad ng aking mga utos. 11 Huwag mong
babanggitin ang pangalan ng Panginoon mong Dios sa
walang kabuluhan; sapagka't hindi aariin ng Panginoon na
walang sala ang bumanggit ng kaniyang pangalan sa walang
kabuluhan. 12 Iyong ipagdiwang ang araw ng sabbath,
upang ipangilin, gaya ng iniuutos sa iyo ng Panginoon mong
Dios. 13 Anim na araw na gagawa ka, at iyong gagawin
ang lahat ng iyong gawain: 14 Nguni't ang ikapitong araw
ay sabbath sa Panginoon mong Dios: sa araw na iyan ay
huwag kang gagawa ng anomang gawa, ikaw, ni ang iyong
anak na lalake ni babae, ni ang iyong aliping lalake ni babae,
ni ang iyong baka, ni ang iyong asno, ni anoman sa iyong
hayop, ni ang iyong taga ibang lupa na nasa loob ng iyong
mga pintuang-daan; upang ang iyong aliping lalake at babae
ay makapagpahingang gaya mo. 15 At iyong aalalahanin na
ikaw ay naging alipin sa lupain ng Egipto, at ikaw ay inilabas
ng Panginoon mong Dios doon sa pamamagitan ng isang
makapangyarihang kamay at unat na bisig: kaya't iniutos sa
iyo ng Panginoon mong Dios, na ipangilin mo ang araw ng
sabbath. 16 Igalang mo ang iyong ama at ang iyong ina,
gaya ng iniutos sa iyo ng Panginoon mong Dios: upang ang
iyong mga araw ay lumawig at upang ikabuti mo sa lupain
na ibinibigay sa iyo ng Panginoon mong Dios. 17 Huwag
kang papatay. 18 Ni mangangalunya. 19 Ni magnanakaw. 20
Ni sasaksi sa di katotohanan laban sa iyong kapuwa. 21
Ni huwag mong iimbutin ang asawa ng iyong kapuwa; ni
huwag mong pagnanasaan ang bahay ng iyong kapuwa,
ang kaniyang bukid, ni ang kaniyang aliping lalake, o babae,
ni ang kaniyang baka, ni ang kaniyang asno, ni anomang
bagay ng iyong kapuwa. 22 Ang mga salitang ito ay sinalita
ng Panginoon sa buong kapisanan ninyo sa bundok mula sa
gitna ng apoy, sa ulap, at sa salisalimuot na kadiliman, ng
malakas na tinig: at hindi na niya dinagdagan pa. At kaniyang
isinulat sa dalawang tapyas na bato, at ibinigay sa akin. 23
At nangyari, nang inyong marinig ang tinig mula sa gitna ng
kadiliman, samantalang ang bundok ay nagliliyab sa apoy, ay
lumapit kayo sa akin, sa makatuwid baga'y ang lahat ng mga
pangulo sa inyong mga lipi, at ang inyong mga matanda; 24
At inyong sinabi, Narito, ipinakita sa amin ng Panginoon
nating Dios ang kaniyang kaluwalhatian at ang kaniyang
kadakilaan, at aming narinig ang kaniyang tinig mula sa
gitna ng apoy: aming nakita sa araw na ito, na ang Dios ay
nakikipag-usap sa tao, at siya'y buhay. 25 Ngayon nga, bakit
kami mamamatay? sapagka't pupugnawin kami ng dakilang
apoy na ito: kung marinig pa namin ang tinig ng Panginoon
nating Dios, ay mamamatay nga kami. 26 Sapagka't sino
sa lahat ng laman na nakarinig ng tinig ng buhay na Dios
na nagsasalita mula sa gitna ng apoy, na gaya namin, at
nabuhay? 27 Lumapit ka, at iyong pakinggan ang lahat
ng sasabihin ng Panginoon nating Dios: at iyong salitain
sa amin, yaong lahat na sasalitain sa iyo ng Panginoon
nating Dios; at aming didinggin, at gagawin. 28 At narinig
ng Panginoon ang tinig ng inyong mga salita, nang kayo'y
magsalita sa akin; at sinabi ng Panginoon sa akin, Aking
narinig ang tinig ng mga salita ng bayang ito, na kanilang
sinalita sa iyo; mabuti ang kanilang pagkasabi ng lahat

na kanilang sinalita. 29 Oh mamalagi nawa sa kanila ang
kaloobang ito, na sila'y matakot sa akin, at kanilang ingatan
kailan man ang lahat ng aking mga utos upang ikabuti nila at
pati ng kanilang mga anak magpakailan man! 30 Yumaon ka,
sabihin mo sa kanila, Magsibalik kayo sa inyong mga tolda.
31 Nguni't tungkol sa iyo, matira ka rito sa akin, at aking
sasalitain sa iyo ang lahat ng utos, at ang mga palatuntunan,
at ang mga kahatulan, na iyong ituturo sa kanila, upang
kanilang gawin sa lupain na aking ibinibigay sa kanila upang
ariin. 32 Inyo ngang isagawa na gaya ng iniutos sa inyo ng
Panginoon ninyong Dios: huwag kayong liliko sa kanan o
sa kaliwa. 33 Kayo'y lalakad ng buong lakad na iniutos sa
inyo ng Panginoon ninyong Dios, upang kayo'y mabuhay, at
upang ikabuti ninyo, at upang inyong mapalawig ang inyong
mga araw sa lupain na inyong aariin.

**6** Ito nga ang utos, ang mga palatuntunan, at ang mga
kahatulan, na iniutos ng Panginoon ninyong Dios na ituro
sa inyo, upang inyong magawa sa lupaing inyong paroroonan
upang ariin: 2 Na ikaw ay matakot sa Panginoon mong
Dios, na iyong ingatan ang lahat niyang mga palatuntunan
at ang kaniyang mga utos, na aking iniutos sa iyo, sa iyo,
at sa iyong anak, at sa anak ng iyong anak sa lahat ng
araw ng iyong buhay; at upang ang iyong mga araw ay
lumawig. 3 Dinggin mo nga, Oh Israel, at iyong isagawa
upang ikabuti mo, at upang kayo'y dumaming maigi, na
gaya ng ipinangako sa iyo ng Panginoon, ng Dios ng iyong
mga magulang, sa lupaing binubukalan ng gatas at pulot. 4
Dinggin mo, Oh Israel: ang Panginoon nating Dios ay isang
Panginoon: 5 At iyong iibigin ang Panginoon mong Dios
ng iyong buong puso, at ng iyong buong kaluluwa, at ng
iyong buong lakas. 6 At ang mga salitang ito, na aking
iniuutos sa iyo sa araw na ito, ay sasa iyong puso; 7 At
iyong ituturo ng buong sikap sa iyong mga anak, at iyong
sasalitain tungkol sa kanila pagka ikaw ay nakaupo sa iyong
bahay, at pagka ikaw ay lumakad sa daan, at pagka ikaw
ay nahihiga at pagka ikaw ay bumabangon. 8 At iyong
itatali na pinakatanda sa iyong kamay at mga magiging
pinakatali sa iyong noo. 9 At iyong isusulat sa itaas ng
pintuan ng iyong bahay at sa iyong mga pintuan-daan. 10 At
mangyayari, pagka ipapasok ka ng Panginoon mong Dios sa
lupain na kaniyang isinumpa sa iyong mga magulang, kay
Abraham, kay Isaac, at kay Jacob, upang ibigay sa iyo; na
may malalaki at mabubuting bayan na hindi mo itinayo, 11
At mga bahay na puno ng lahat na mabubuting bagay, na
hindi mo pinuno, at mga balong hukay na hindi mo hinukay,
mga ubasan at mga puno ng olibo, na hindi mo itinanim, at
iyong kakanin at ikaw ay mabubusog; 12 At magingat ka
nga, baka iyong malimutan ang Panginoon, na naglabas
sa iyo sa lupain ng Egipto, sa bahay ng pagkaalipin. 13
Ikaw ay matakot sa Panginoon mong Dios; at sa kaniya'y
maglilingkod ka, at sa pamamagitan lamang ng kaniyang
pangalan susumpa ka. 14 Huwag kang susunod sa ibang
mga dios, sa mga dios ng mga bansang nasa palibot mo; 15
Sapagka't ang Panginoon mong Dios na nasa gitna mo, ay
isang mapanibughuing Dios; baka ang galit ng Panginoon
mong Dios ay magalab laban sa iyo, at ikaw ay kaniyang
lipulin sa ibabaw ng lupa. 16 Huwag ninyong tutuksuhin ang
Panginoon ninyong Dios, gaya ng tuksuhin ninyo siya sa
Massah. 17 Inyong iingatan ng buong sikap ang mga utos
ng Panginoon ninyong Dios, at ang kaniyang mga patotoo,
at ang kaniyang mga palatuntunan, na kaniyang iniutos sa
iyo. 18 At iyong gagawin ang matuwid at mabuti sa paningin
ng Panginoon: upang ikabuti mo, at upang iyong mapasok
at ariin ang mabuting lupain na isinumpa ng Panginoon sa
iyong mga magulang, 19 Upang palayasin ang lahat ng iyong
mga kaaway sa harap mo, gaya ng sinalita ng Panginoon.
20 Pagka tatanungin ka ng iyong anak sa panahong darating,
na sasabihin: Anong kahulugan ng mga patotoo, at ng mga
palatuntunan, at ng mga kahatulan, na iniutos sa inyo ng
Panginoon nating Dios? 21 Ay iyo ngang sasabihin sa iyong
anak: Kami ay naging mga alipin ni Faraon sa Egipto, at
inilabas kami ng Panginoon sa Egipto sa pamamagitan
ng makapangyarihang kamay. 22 At ang Panginoon ay
nagpakita ng mga tanda at ng mga kababalaghan, dakila
at panggiba, sa Egipto, kay Faraon, at sa kaniyang buong
sangbahayan, sa harap ng aming mga mata: 23 At kami ay
inilabas niya roon, na kaniyang ipinasok kami rito, upang
ibigay sa amin ang lupain na kaniyang isinumpa sa ating
mga magulang. 24 At iniutos ng Panginoon sa amin na
gawin ang lahat ng mga palatuntunang ito, na matakot sa
Panginoon nating Dios, sa ikabubuti natin kailan man, upang
ingatan niya tayong buhay, gaya sa araw na ito. 25 At siya'y
magiging katuwiran sa atin, kung ating isagawa ang buong
utos na ito sa harap ng Panginoon nating Dios, gaya ng
iniutos niya sa atin.

**7** Pagka ipapasok ka ng Panginoon mong Dios sa lupain
na iyong pinaroroonan upang ariin, at palalayasin ang
maraming bansa sa harap mo, ang Hetheo, at ang Gergeseo
at ang Amorrheo, at ang Cananeo, at ang Pherezeo, at
ang Heveo, at ang Jebuseo, na pitong bansang lalong
malalaki at mga lalong makapangyarihan kay sa iyo; 2
At pagka sila'y ibibigay sa harap mo ng Panginoon mong
Dios, at iyong sasaktan sila; ay lubos mo ngang lilipulin
sila; huwag kang makikipagtipan sa kanila, ni huwag mong
pagpakitaan ng kaawaan sila: 3 Ni magaasawa sa kanila;
ang iyong anak na babae ay huwag mong papag-aasawahin
sa kaniyang anak na lalake, ni ang kaniyang anak na babae,
ay huwag mong papag-aasawahin sa iyong anak na lalake.

4 Sapagka't kaniyang ihihiwalay ang iyong anak na lalake sa
pagsunod sa akin, upang sila'y maglingkod sa ibang mga
dios: sa gayo'y magaalab ang galit ng Panginoon laban
sa iyo, at kaniyang lilipulin kang madali. 5 Kundi ganito
ang inyong gagawin sa kanila; inyong igigiba ang kanilang
mga dambana, at inyong pagpuputolputulin ang kanilang
mga haligi na pinakaalaala at inyong ibubuwal ang kanilang
mga Asera, at inyong susunugin sa apoy ang kanilang mga
larawang inanyuan. 6 Sapagka't ikaw ay isang banal na
bayan sa Panginoon mong Dios; pinili ka ng Panginoon
mong Dios upang maging bayan sa kaniyang sariling pag-
aari, na higit sa lahat ng mga bayan na nasa ibabaw ng
balat ng lupa. 7 Hindi kayo inibig ng Panginoon, ni pinili
kayo ng dahil sa kayo'y marami sa bilang kay sa alin mang
bayan; sapagka't kayo ang pinakamaliit sa lahat ng mga
bayan: 8 Kundi dahil sa inibig kayo ng Panginoon, at dahil
sa kaniyang tinupad ang sumpa na kaniyang isinumpa sa
inyong mga magulang, ay inilabas kayo ng Panginoon sa
pamamagitan ng makapangyarihang kamay at tinubos kayo
sa bahay ng pagkaalipin, mula sa kamay ni Faraon na hari
sa Egipto. 9 Talastasin mo nga, na ang Panginoon ninyong
Dios, ay siyang Dios: ang tapat na Dios, na nag-iingat ng
tipan at naggagawad ng kagandahang-loob sa mga umiibig
sa kaniya, at tumutupad ng kaniyang mga utos, hanggang
sa isang libong salin ng lahi; 10 At pinanghihigantihan sa
kanilang mukha, ang mga napopoot sa kaniya, upang lipulin:
siya'y hindi magpapaliban doon sa napopoot sa kaniya,
kaniyang panghihigantihan sa kaniya ring mukha. 11 Iyo
ngang iingatan ang utos, at ang mga palatuntunan, at ang
mga kahatulan, na aking iniutos sa iyo sa araw na ito,
na iyong ganapin. 12 At mangyayari, na sapagka't iyong
dininig ang mga kahatulang ito, at iyong tinutupad at iyong
ginaganap, ay tutuparin sa iyo ng Panginoon mong Dios
ang tipan, at igagawad ang kagandahang-loob, na kaniyang
isinumpa sa iyong mga magulang: 13 At kaniyang iibigin ka,
at pagpapalain ka, at padadamihin ka: kaniya rin namang
pagpapalain ang bunga ng iyong katawan, at ang bunga
ng iyong lupa, ang iyong trigo, at ang iyong alak, at ang
iyong langis, ang karagdagan ng iyong mga bakahan, at ang
mga guya ng iyong kawan sa lupain na kaniyang isinumpa
sa iyong mga magulang, upang ibigay sa iyo. 14 Magiging
mapalad ka kay sa lahat ng mga bayan: walang magiging
baog na babae o lalake sa inyo o sa inyong mga hayop. 15 At
ilalayo sa iyo ng Panginoon ang lahat ng sakit: at wala siyang
ihuhulog sa inyo sa masamang sakit sa Egipto, na iyong
nalalaman, kundi ihuhulog niya sa lahat ng nangapopoot
sa iyo. 16 At iyong lilipulin ang lahat ng mga bayan na
ibibigay sa iyo ng Panginoon mong Dios; ang iyong mata ay
huwag mahahabag sa kanila; ni huwag kang maglilingkod sa
kanilang mga dios; sapagka't magiging isang silo sa iyo. 17
Kung iyong sasabihin sa iyong puso, Ang mga bansang ito
ay higit kay sa akin; paanong aking makakamtan sila? 18
Huwag kang matatakot sa kanila; iyong aalalahaning mabuti
ang ginawa ng Panginoon mong Dios kay Faraon, at sa
buong Egipto. 19 Ang mga dakilang tukso na nakita ng iyong
mga mata, at ang mga tanda, at ang mga kababalaghan,
at ang makapangyarihang kamay, at ang unat na bisig, na
ipinaglabas sa iyo ng Panginoon mong Dios: ay gayon ang
gagawin ng Panginoon mong Dios sa lahat ng mga bayan
na iyong kinatatakutan. 20 Bukod dito'y susuguin sa kanila
ng Panginoon mong Dios ang malaking putakti hanggang sa
ang nangaiiwan, at nangagtatago ay mamatay sa harap
mo. 21 Huwag kang masisindak sa kanila; sapagka't ang
Panginoon mong Dios ay nasa gitna mo, dakilang Dios
at kakilakilabot. 22 At itataboy na untiunti ng Panginoon
mong Dios ang mga bansang yaon sa harap mo: hindi mo
malilipol silang paminsan, baka ang mga hayop sa parang ay
kumapal sa iyo. 23 Kundi ibibigay sila ng Panginoon mong
Dios sa harap mo, at pagtataglayin sila ng isang malaking
kalituhan hanggang sa sila'y mangalipol. 24 At kaniyang
ibibigay ang kanilang mga hari sa iyong kamay, at iyong
papawiin ang kanilang pangalan sa silong ng langit: walang
lalaking makatatayo doon sa harap mo, hanggang sa iyong
malipol sila. 25 Ang mga larawang inanyuan na kanilang
mga dios ay iyong susunugin sa apoy: huwag mong iimbutin
ang pilak o ang ginto na nasa mga yaon, ni huwag mong
kukunin para sa iyo, baka sa iyo'y maging silo: sapagka't
ito'y isang karumaldumal sa Panginoon mong Dios. 26 At
huwag kang magpapasok ng karumaldumal sa iyong bahay,
at baka ikaw ay maging itinalaga na gaya niyaon: iyong lubos
na kapopootan at iyong lubos na kasusuklaman, sapagka't
itinalagang bagay.

**8** Ang lahat ng utos na aking iniuutos sa iyo sa araw na
ito ay inyong isasagawa, upang kayo'y mangabuhay
at dumami, at inyong mapasok at ariin ang lupain na
isinumpa ng Panginoon sa inyong mga magulang. 2 At
iyong aalalahanin ang buong paraan na ipinatnubay sa
iyo ng Panginoon mong Dios nitong apat na pung taon sa
ilang, upang kaniyang mapangumbaba ka, at subukin ka,
na maalaman kung ano ang nasa iyong puso, kung iyong
gaganapin ang kaniyang mga utos o hindi. 3 At ikaw ay
pinapangumbaba niya, at pinapagdamdam ka niya ng gutom,
at pinakain ka niya ng mana, na hindi mo nakilala, ni nakilala
ng iyong mga magulang; upang kaniyang maipakilala sa iyo
na hindi lamang sa tinapay nabubuhay ang tao, kundi sa
bawa't bagay na nagmumula sa bibig ng Panginoon. 4 Ang
iyong suot ay hindi naluma sa iyo, ni hindi namaga ang iyong
paa nitong apat na pung taon. 5 At iyong pagmunimuniin sa

iyong puso, na kung paanong pinarurusahan ng tao ang
kaniyang anak, ay gayon pinarurusahan ka ng Panginoon
mong Dios. 6 At iyong tutuparin ang mga utos ng Panginoon
mong Dios, na lumakad ka sa kaniyang mga daan, at
matakot ka sa kaniya. 7 Sapagka't dinala ka ng Panginoon
mong Dios sa isang mabuting lupain, na lupain ng mga
batis ng tubig, ng mga bukal at ng mga kalaliman, na
bumubukal sa mga libis at mga bundok. 8 Lupain ng trigo at
ng sebada at ng puno ng ubas at ng mga puno ng igos,
at ng mga granada; lupain ng mga puno ng olibo at ng
pulot: 9 Lupain na kakainan mo ng tinapay na di kapos, na
walang magkukulang sa iyo roon; lupain na ang mga bato
ay bakal, at ang kaniyang mga burol ay makukunan mo ng
tanso. 10 At kakain ka, at mabubusog ka, at iyong pupurihin
ang Panginoon mong Dios dahil sa mabuting lupain na
kaniyang ibinigay sa iyo. 11 Magingat ka na baka iyong
malimutan ang Panginoon mong Dios, sa hindi mo pagtupad
ng kaniyang mga utos, at ng kaniyang mga kahatulan, at
ng kaniyang mga palatuntunan, na aking iniuutos sa iyo sa
araw na ito: 12 Baka pagka ikaw ay nakakain at nabusog, at
nakapagtayo ng mabubuting bahay, at iyong natahanan;
13 At pagka ang iyong mga bakahan at ang iyong mga
kawan ay dumami at ang iyong pilak at ang iyong ginto ay
dumami at ang lahat ng tinatangkilik mo ay dumami; 14
Ay magmataas ang iyong puso, at iyong malimutan ang
Panginoon mong Dios, na naglabas sa iyo sa lupain ng
Egipto, sa bahay ng pagkaalipin; 15 Na siyang pumatnubay
sa iyo sa malaki at kakilakilabot na ilang na tinatahanan ng
mga makamandag na ahas at mga alakdan, at uhaw na
lupa, na walang tubig; na siyang naglabas sa iyo ng tubig
mula sa batong pingkian; 16 Na siyang nagpakain sa iyo ng
mana sa ilang, na hindi nakilala ng iyong mga magulang;
upang kaniyang mapangumbaba ka, at kaniyang subukin ka,
na pabutihin ka sa iyong wakas: 17 At baka iyong sabihin
sa iyong puso, Ang aking kapangyarihan at ang lakas ng
aking kamay ang siyang nagbigay sa akin ng kayamanang
ito. 18 Kundi iyong aalalahanin ang Panginoon mong Dios,
sapagka't siya ang nagbigay sa iyo ng kapangyarihan upang
magkaroon ka ng kayamanan; upang kaniyang papagtibayin
ang kaniyang tipan na kaniyang isinumpa sa iyong mga
magulang, gaya nga sa araw na ito. 19 At mangyayari, na
kung iyong kalilimutan ang Panginoon mong Dios, at ikaw
ay susunod sa ibang mga dios, at iyong paglilingkuran sila,
at iyong sasambahin sila ay aking pinatototohanan laban sa
inyo sa araw na ito, na kayo'y tunay na malilipol. 20 Kung
paano ang bansang nililipol ng Panginoon sa harap ninyo,
ay gayon kayo malilipol; sapagka't hindi ninyo dininig ang
tinig ng Panginoon ninyong Dios.

**9** Dinggin mo, Oh Israel, ikaw ay tatawid sa Jordan sa
araw na ito, upang iyong pasukin na ariin ang mga
bansang lalong dakila at lalong makapangyarihan kay sa
iyo, na mga bayang malaki at nakukutaan hanggang sa
himpapawid, 2 Isang bayang malaki at mataas ng mga
anak ng Anaceo, na iyong nakikilala, at tungkol sa kanila
ay narinig mong sinasabi, Sinong makatatayo sa harap ng
mga anak ni Anac? 3 Talastasin mo nga sa araw na ito,
na ang Panginoon mong Dios ay siyang mangunguna sa
iyo na parang mamumugnaw na apoy; kaniyang lilipulin
sila, at kaniyang payuyukurin sila sa harap mo; sa gayo'y
iyong mapalalayas sila, at iyong malilipol silang madali,
na gaya ng sinalita sa iyo ng Panginoon. 4 Huwag kang
magsasalita sa iyong puso, pagkatapos na mapalayas sila
ng Panginoon mong Dios sa harap mo, na iyong sasabihin,
Dahil sa aking katuwiran ay ipinasok ako ng Panginoon
upang ariin ang lupaing ito; na dahil sa kasamaan ng mga
bansang ito ay pinalalayas ng Panginoon sila sa harap mo.
5 Hindi dahil sa iyong katuwiran o dahil sa pagtatapat ng
iyong loob ay iyong pinapasok upang ariin ang kanilang
lupain: kundi dahil sa kasamaan ng mga bansang ito ay
pinalalayas sila ng Panginoong Dios sa harap mo, at upang
kaniyang papagtibayin ang salita na isinumpa ng Panginoon
sa iyong mga magulang kay Abraham, kay Isaac, at kay
Jacob. 6 Talastasin mo nga na hindi ibinibigay sa iyo ng
Panginoon mong Dios ang mabuting lupaing ito upang ariin
ng dahil sa iyong katuwiran; sapagka't ikaw ay isang bayang
matigas ang ulo. 7 Alalahanin mo, huwag mong kalimutan,
kung paanong minungkahi mo sa galit ang Panginoon mong
Dios sa ilang: mula nang araw na kayo'y umalis sa lupain
ng Egipto, hanggang sa kayo'y dumating sa dakong ito
ay naging mapanghimagsik kayo laban sa Panginoon. 8
Gayon din sa Horeb na inyong minungkahi ang Panginoon
sa galit, at ang Panginoon ay nagalit sa inyo na kayo sana'y
lilipulin. 9 Nang ako'y sumampa sa bundok upang tanggapin
ang mga tapyas na bato, sa makatuwid baga'y ang mga
tapyas ng tipan na ginawa ng Panginoon sa inyo, ay natira
nga ako sa bundok na apat na pung araw at apat na pung
gabi; hindi ako kumain ng tinapay ni uminom ng tubig. 10 At
ibinigay sa akin ng Panginoon ang dalawang tapyas na bato
na sinulatan ng daliri ng Dios; at sa mga yao'y nasusulat
ang ayon sa lahat ng mga salita na sinalita ng Panginoon
sa inyo sa bundok mula sa gitna ng apoy nang araw ng
kapulungan. 11 At nangyari sa katapusan ng apat na pung
araw at apat na pung gabi, na ibinigay sa akin ng Panginoon
ang dalawang tapyas na bato, sa makatuwid baga'y ang
mga tapyas ng tipan. 12 At sinabi ng Panginoon sa akin,
Tumindig ka, manaog kang madali rito; sapagka't ang iyong
bayan na iyong inilabas sa Egipto ay nangagpakasama;

sila'y madaling lumihis sa daang aking iniutos sa kanila;
sila'y nagsigawa para sa kanila ng isang larawang binubo.
13 Bukod dito'y sinalita sa akin ng Panginoon, na sinasabi,
Aking nakita ang bayang ito, at, narito, isang bayang matigas
ang ulo: 14 Bayaan mo ako na aking lipulin sila, at aking
pawiin ang kanilang pangalan sa silong ng langit; at gagawin
kita na isang bansang lalong makapangyarihan at lalong
malaki kay sa kanila. 15 Sa gayo'y pumihit ako at bumaba
ako mula sa bundok, at ang bundok ay nagniningas sa apoy,
at ang dalawang tapyas ng tipan ay nasa aking dalawang
kamay. 16 At tumingin ako, at, narito, kayo'y nakapagkasala
na laban sa Panginoon ninyong Dios: kayo'y nagsigawa
para sa inyo ng isang guyang binubo: kayo'y lumihis na
madali sa daan na iniutos sa inyo ng Panginoon. 17 At
aking tinangnan ang dalawang tapyas, at aking inihagis
sa aking dalawang kamay, at aking iniwalat sa harap ng
inyong mga mata. 18 At ako'y nagpatirapa sa harap ng
Panginoon, gaya ng una, na apat na pung araw at apat na
pung gabi; hindi ako kumain ng tinapay ni uminom ng tubig;
dahil sa inyong buong kasalanan na inyong ipinagkasala
sa paggawa ninyo ng masama sa paningin ng Panginoon
na minungkahi ninyo siya sa galit; 19 Sapagka't natatakot
ako dahil sa galit at maningas na poot, na ikinayamot ng
Panginoon sa inyo, na lilipulin sana kayo. Nguni't dininig
din naman ako noon ng Panginoon. 20 At ang Panginoo'y
totoong nagalit kay Aaron na siya sana'y papatayin: at akin
din namang idinalangin si Aaron nang panahon ding yaon.
21 At aking kinuha ang inyong kasalanan, ang guyang inyong
ginawa, at aking sinunog sa apoy, at aking niyapakan, na
dinurog na mainam, hanggang sa naging durog na parang
alabok; at aking inihagis ang alabok niyaon sa batis na
umaagos mula sa bundok. 22 At sa Tabera, at sa Massa, at
sa Kibroth-hataa-vah, ay inyong minungkahi ang Panginoon
sa galit. 23 At nang suguin kayo ng Panginoon mula sa
Cades-barnea, na sabihin, Sumampa kayo at ariin ninyo
ang lupain na ibinigay ko sa inyo; kayo nga'y nanghimagsik
laban sa utos ng Panginoon ninyong Dios, at hindi ninyo
pinanampalatayanan siya, ni dininig ang kaniyang tinig.
24 Kayo'y naging mapanghimagsik laban sa Panginoon,
mula nang araw na kayo'y aking makilala. 25 Sa gayo'y
nagpatirapa ako sa harap ng Panginoon na apat na pung
araw at apat na pung gabi na ako'y nagpatirapa, sapagka't
sinabi ng Panginoon, na kaniyang lilipulin kayo. 26 At aking
ipinanalangin sa Panginoon, at sinabi, Oh Panginoong Dios,
huwag mong lipulin ang iyong bayan at ang iyong mana,
na iyong tinubos ng iyong kadakilaan na iyong inilabas sa
Egipto ng makapangyarihang kamay. 27 Alalahanin mo ang
iyong mga lingkod, si Abraham, si Isaac, at si Jacob; huwag
mong masdan ang pagmamatigas ng bayang ito, ni ang
kasamaan nila, ni ang kasalanan nila: 28 Baka sabihin ng
mga taga lupaing pinaglabasan mo sa amin: Sapagka't hindi
sila naipasok ng Panginoon sa lupain na ipinangako sa
kanila, at sa kapootan niya sa kanila, ay inilabas sila upang
patayin sa ilang. 29 Gayon man sila'y iyong bayan at iyong
mana, na iyong inilabas ng iyong dakilang kapangyarihan at
ng iyong unat na bisig.

**10** Nang panahong yaon ay sinabi ng Panginoon sa akin,
Humugis ka ng dalawang tapyas na bato, na gaya ng
una, at sampahin mo ako sa bundok, at gumawa ka ng isang
kaban na kahoy; 2 At aking isusulat sa mga tapyas ang
mga salita na nasa unang mga tapyas na iyong binasag, at
iyong isisilid ang mga iyan sa kaban. 3 Sa gayo'y gumawa
ako ng isang kaban na kahoy na akasia, at ako'y humugis
ng dalawang tapyas na bato na gaya ng una, at ako'y
sumampa sa bundok na aking dala sa aking kamay ang
dalawang tapyas. 4 At kaniyang isinulat sa mga tapyas,
ang ayon sa unang sulat, ang sangpung utos na sinalita
ng Panginoon sa inyo sa bundok mula sa gitna ng apoy
nang kaarawan ng kapulungan: at ang mga yaon ay ibinigay
sa akin ng Panginoon. 5 At ako'y pumihit at bumaba mula
sa bundok, at aking isinilid ang mga tapyas sa kaban na
aking ginawa, at nangandoon, na gaya ng iniutos sa akin
ng Panginoon. 6 (At ang mga anak ni Israel ay naglakbay
mula sa Beerot Bene-ja-acan hanggang sa Mosera: doon
namatay si Aaron, at doon siya inilibing; at si Eleazar na
kaniyang anak ay nangasiwa sa katungkulang saserdote
na kahalili niya. 7 Mula roon ay naglakbay sila hanggang
Gudgod; at mula sa Gudgod hanggang sa Jotbatha, na
lupain ng mga batis ng tubig. 8 Nang panahong yaon ay
inihiwalay ng Panginoon ang lipi ni Levi, upang magdala ng
kaban ng tipan ng Panginoon, upang tumayo sa harap ng
Panginoon na mangasiwa sa kaniya, at upang magbasbas
sa kaniyang pangalan hanggang sa araw na ito. 9 Kaya't ang
Levi ay walang bahagi ni mana sa kasamahan ng kaniyang
mga kapatid; ang Panginoo'y siyang kaniyang mana, ayon
sa sinalita ng Panginoon mong Dios sa kaniya.) 10 At ako'y
nalabi sa bundok, gaya ng una, na apat na pung araw at apat
na pung gabi; at ako'y dininig din noon ng Panginoon; hindi
ka lilipulin ng Panginoon. 11 At sinabi ng Panginoon sa akin,
Tumindig ka, lumakad ka na manguna sa bayan; at sila'y
papasok at kanilang aariin ang lupain, na aking isinumpa
sa kanilang mga magulang upang ibigay sa kanila. 12 At
ngayon, Israel, ano ang hinihingi sa iyo ng Panginoon mong
Dios, kundi matakot ka sa Panginoon mong Dios, lumakad
ka sa lahat ng kaniyang mga daan, at ibigin mo siya, at
paglingkuran mo ang Panginoon mong Dios, ng buong puso
mo at ng buong kaluluwa mo. 13 Na ganapin mo ang mga
utos ng Panginoon, at ang kaniyang mga palatuntunan, na

aking iniuutos sa iyo sa araw na ito sa iyong ikabubuti?
14 Narito, sa Panginoon mong Dios nauukol ang langit, at
ang langit ng mga langit, ang lupa, sangpu ng lahat na
nangariyan. 15 Ang Panginoon ay nagkaroon lamang ng
hilig sa iyong mga magulang na ibigin sila, at kaniyang pinili
ang kanilang binhi pagkamatay nila, sa makatuwid baga'y
kayo, sa lahat ng mga bayan na gaya ng nakikita sa araw na
ito. 16 Tuliin nga ninyo ang balat ng inyong puso, at huwag
ninyong papagmatigasin ang inyong ulo. 17 Sapagka't ang
Panginoon ninyong Dios, ay siyang Dios ng mga dios, at
Panginoon ng mga panginoon, siyang dakilang Dios, siyang
makapangyarihan at siyang kakilakilabot, na hindi nagtatangi
ng tao ni tumatanggap ng suhol. 18 Kaniyang hinahatulan ng
matuwid ang ulila at babaing bao, at iniibig ang taga ibang
lupa, na binibigyan niya ng pagkain at kasuutan. 19 Ibigin
nga ninyo ang taga ibang lupa: sapagka't kayo'y naging
taga ibang lupa sa lupain ng Egipto. 20 Katatakutan mo
ang Panginoon mong Dios; sa kaniya'y maglilingkod ka,
at sa kaniya'y lalakip ka, at sa pamamagitan ng kaniyang
pangalan susumpa ka. 21 Siya ang iyong kapurihan, at siya
ang iyong Dios, na iginawa ka niya nitong mga dakila at
kakilakilabot na mga bagay, na nakita ng iyong mga mata.
22 Ang iyong mga magulang ay lumusong sa Egipto na may
pitong pung tao; at ngayo'y ginawa ka ng Panginoon mong
Dios na gaya ng mga bituin sa langit ang dami.

**11** Kaya't iyong iibigin ang Panginoon mong Dios, at
iyong susundin ang kaniyang bilin, at ang kaniyang
mga palatuntunan, at ang kaniyang mga kahatulan, at ang
kaniyang mga utos kailan man. 2 At talastasin ninyo sa
araw na ito: sapagka't hindi ko sinasalita sa inyong mga
anak na hindi nangakakilala, at hindi nangakakita ng parusa
ng Panginoon ninyong Dios ng kaniyang kadakilaan, ng
kaniyang makapangyarihang kamay at ng kaniyang unat
na bisig, 3 At ng kaniyang mga tanda, at ng kaniyang mga
gawa, na kaniyang ginawa sa gitna ng Egipto kay Faraon
na hari sa Egipto, at sa kaniyang buong lupain; 4 At ang
kaniyang ginawa sa hukbo ng Egipto, sa kanilang mga
kabayo, at sa kanilang mga karo; kung paanong tinakpan
niya sila ng tubig ng Dagat na Mapula nang kanilang habulin
kayo, at kung paanong nilipol sila ng Panginoon sa araw na
ito; 5 At kung ano ang kaniyang ginawa sa inyo sa ilang
hanggang sa dumating kayo sa dakong ito; 6 At kung ano
ang kaniyang ginawa kay Dathan at kay Abiram, na mga
anak ni Eliab, na anak ni Ruben; kung paanong ibinuka ng
lupa ang kaniyang bibig, at nilamon sila, at ang kanilang
mga sangbahayan, at ang kanilang mga tolda, at bawa't
bagay na may buhay na sa kanila'y sumusunod sa gitna ng
buong Israel: 7 Nguni't nakita ng inyong mga mata ang lahat
ng dakilang gawa ng Panginoon na kaniyang ginawa. 8
Kaya't inyong susundin ang buong utos na aking iniuutos
sa inyo sa araw na ito, upang kayo'y lumakas at kayo'y
pumasok at ariin ninyo ang lupain, na inyong tatawirin upang
ariin; 9 At upang inyong maparami ang inyong mga araw
sa ibabaw ng lupain na isinumpa ng Panginoon sa inyong
mga magulang na ibibigay sa kanila at sa kanilang binhi na
lupaing binubukalan ng gatas at pulot. 10 Sapagka't ang
lupain na iyong pinaroroonan upang ariin, ay hindi gaya
ng lupain ng Egipto, na inyong pinanggalingan, na doo'y
nagtatanim ka ng iyong binhi, at iyong dinidilig ng iyong paa,
na parang taniman ng mga gulay; 11 Kundi ang lupain, na
inyong tatawirin upang ariin, ay lupaing maburol at malibis,
at dinidilig ng tubig ng ulan sa langit: 12 Lupaing inaalagaan
ng Panginoon mong Dios, at ang mga mata ng Panginoon
mong Dios ay nandoong lagi, mula sa pasimula ng taon
hanggang sa katapusan ng taon. 13 At mangyayari, na
kung inyong didingging maigi ang aking mga utos na aking
iniuutos sa inyo sa araw na ito, na ibigin ang Panginoon
ninyong Dios at siya'y paglingkuran ng buo ninyong puso, at
ang buo ninyong kaluluwa, 14 Ay ibibigay ko ang ulan ng
inyong lupain sa kaniyang kapanahunan, ang una at huling
ulan upang iyong makamalig ang iyong trigo, at ang iyong
alak, at ang iyong langis. 15 At aking bibigyan ng damo ang
iyong mga hayop sa iyong mga bukid, at ikaw ay kakain at
mabubusog. 16 Mangagingat kayo, baka ang inyong puso
ay madaya, at kayo'y maligaw, at maglingkod sa ibang mga
dios, at sumamba sa kanila; 17 At ang galit ng Panginoon
ay magalab laban sa inyo, at kaniyang sarhan ang langit,
upang huwag magkaroon ng ulan, at ang lupa'y huwag
magbigay ng kaniyang bunga; at kayo'y malipol na madali
sa mabuting lupain na ibinibigay sa inyo ng Panginoon. 18
Kaya't inyong ilalagak itong aking mga salita sa inyong puso,
at sa inyong kaluluwa; at inyong itatali na pinakatanda sa
inyong kamay at magiging pinakatali sa inyong noo. 19 At
inyong ituturo sa inyong mga anak, na inyong sasalitain sa
kanila, pagka ikaw ay nauupo sa iyong bahay, at pagka
ikaw ay lumalakad sa daan, at pagka ikaw ay nahihiga, at
pagka ikaw ay bumabangon. 20 At iyong isusulat sa itaas ng
pintuan ng iyong bahay, at sa iyong mga pintuang-daan: 21
Upang ang inyong mga araw ay dumami at ang mga araw
ng inyong mga anak, sa lupain na isinumpa ng Panginoon
sa inyong mga magulang na ibibigay sa kanila, gaya ng mga
araw ng langit sa ibabaw ng lupa. 22 Sapagka't kung inyong
susunding masikap ang buong utos na ito na aking iniuutos
sa inyo upang gawin, na ibigin ang Panginoon ninyong
Dios, lumakad sa lahat ng kaniyang daan, at makilakip sa
kaniya: 23 Ay palalayasin nga ng Panginoon ang lahat ng
mga bansang ito sa harap ninyo, at kayo'y magaari ng mga
bansang lalong malaki at lalong makapangyarihan kay sa

inyo. 24 Bawa't dakong tutuntungan ng talampakan ng inyong
paa ay magiging inyo: mula sa ilang, at sa Libano, mula
sa ilog, sa ilog Eufrates, hanggang sa dagat kalunuran ay
magiging inyong hangganan. 25 Walang lalaking makatatayo
sa harap ninyo: sisidlan ng Panginoon ninyong Dios ng takot
sa inyo at ng sindak sa inyo sa ibabaw ng buong lupain
na inyong tutuntungan, gaya ng kaniyang sinalita sa inyo.
26 Narito, inilalagay ko sa harap ninyo sa araw na ito ang
pagpapala at ang sumpa; 27 Ang pagpapala, kung inyong
didinggin ang mga utos ng Panginoon ninyong Dios, na aking
iniutos sa inyo sa araw na ito; 28 At ang sumpa, kung hindi
ninyo didinggin ang mga utos ng Panginoon ninyong Dios,
kundi kayo lilihis sa daan na aking iniuutos sa inyo sa araw
na ito, upang sumunod sa ibang mga dios, na hindi ninyo
nangakilala. 29 At mangyayari, na pagka ikaw ay ipapasok
ng Panginoon mong Dios sa lupain na iyong pinaroroonan
upang ariin, na iyong ilalagay ang pagpapala sa bundok ng
Gerizim, at ang sumpa sa bundok ng Ebal. 30 Di ba sila'y
nasa dako pa roon ng Jordan, sa dakong nilulubugan ng
araw, sa lupain ng mga Cananeo na tumatahan sa Araba,
sa tapat ng Gilgal na kasiping ng mga encina sa More? 31
Sapagka't kayo'y tatawid sa Jordan upang inyong pasukin na
ariin ang lupain na ibinibigay sa inyo ng Panginoon ninyong
Dios, at inyong aariin, at tatahan kayo roon. 32 At inyong
isasagawa ang lahat ng mga palatuntunan at mga kahatulan
na aking iginagawad sa inyo sa araw na ito.

**12** Ito ang mga palatuntunan at mga kahatulan na inyong
isasagawa sa lupain na ibinibigay sa iyo ng Panginoon,
ng Dios ng iyong mga magulang upang ariin, sa lahat
ng mga araw na inyong ikabubuhay sa ibabaw ng lupa.
2 Tunay na gigibain ninyo ang lahat ng mga dako, na
pinaglilingkuran sa kanilang dios ng mga bansang inyong
aariin, sa ibabaw ng matataas na bundok, at sa ibabaw ng
mga burol, at sa lilim ng bawa't punong kahoy na sariwa: 3
At iyong iwawasak ang kanilang mga dambana, at inyong
pagpuputol-putulin ang kanilang mga haliging pinakaalaala,
at susunugin ang kanilang mga Asera sa apoy; at inyong
ibubuwal ang mga larawang inanyuan na kanilang mga
dios; at inyong papawiin ang kanilang pangalan sa dakong
yaon. 4 Huwag kayong gagawa ng ganito sa Panginoon
ninyong Dios. 5 Kundi sa dakong pipiliin ng Panginoon
ninyong Dios sa lahat ng inyong mga lipi na paglalagyan
ng kaniyang pangalan, sa makatuwid baga'y sa kaniyang
tahanan ay inyong hahanapin, at doon kayo paroroon: 6 At
doon ninyo dadalhin ang inyong mga handog na susunugin,
at ang inyong mga hain, at ang inyong mga ikasangpung
bahagi, at ang handog na itataas ng inyong kamay, at ang
inyong mga panata, at ang inyong mga kusang handog, at
ang mga panganay sa inyong mga bakahan at sa inyong
mga kawan: 7 At doon kayo kakain sa harap ng Panginoon
ninyong Dios, at kayo'y mangagagalak sa lahat na kalagyan
ng inyong kamay, kayo at ang inyong mga sangbahayan
kung saan ka pinagpala ng Panginoon mong Dios. 8 Huwag
ninyong gagawin ang ayon sa lahat ng mga bagay na
ating ginagawa dito sa araw na ito, na ang magalingin ng
bawa't isa sa kaniyang paningin; 9 Sapagka't hindi pa kayo
nakararating sa kapahingahan at sa mana, na ibinibigay sa
iyo ng Panginoon ninyong Dios. 10 Datapuwa't pagtawid
ninyo ng Jordan, at pagtahan sa lupain na ipinamamana sa
inyo ng Panginoon ninyong Dios, at pagkabigay niya sa inyo
ng kapahingahan sa lahat ng inyong mga kaaway sa palibot,
na ano pa't kayo'y tumahang tiwasay; 11 Ay mangyayari
nga, na ang dakong pipiliin ng Panginoon ninyong Dios na
patatahanan sa kaniyang pangalan ay doon ninyo dadalhin
ang lahat na aking iniuutos sa inyo; ang inyong mga handog
na susunugin, at ang inyong mga hain, ang inyong mga
ikasangpung bahagi, at ang handog na itataas ng inyong
kamay, at ang lahat ng inyong piling panata na inyong
ipinananata sa Panginoon: 12 At kayo'y magagalak sa harap
ng Panginoon ninyong Dios, kayo at ang inyong mga anak
na lalake at babae, at ang inyong mga aliping lalake at
babae, at ang Levita na nasa loob ng inyong mga pintuang-
daan, sapagka't siya'y walang bahagi ni mana na kasama
ninyo. 13 Magingat ka na huwag mong ihahandog ang iyong
handog na susunugin sa alinmang dakong iyong makikita:
14 Kundi sa dakong pipiliin ng Panginoon sa isa sa iyong
mga lipi ay doon mo ihahandog ang iyong mga handog na
susunugin, at doon mo gagawin ang lahat na aking iniuutos
sa iyo. 15 Gayon ma'y makapapatay ka at makakakain ka
ng karne sa loob ng lahat ng iyong mga pintuang-daan,
ayon sa buong nasa ng iyong kaluluwa, ayon sa pagpapala
ng Panginoon mong Dios na kaniyang ibinigay sa iyo: ang
marumi at ang malinis ay makakakain niyaon, gaya ng maliit
na usa, at gaya ng malaking usa. 16 Huwag lamang ninyong
kakanin ang dugo; iyong ibubuhos sa lupa na parang tubig.
17 Hindi mo makakain sa loob ng iyong mga pintuang-daan
ang ikasangpung bahagi ng iyong trigo, o ng iyong alak, o
ng iyong langis, o ng mga panganay sa iyong bakahan o
sa iyong kawan, ni anoman sa iyong mga panata na iyong
ipananata, ni ang iyong mga kusang handog, ni ang handog
na itataas ng iyong kamay: 18 Kundi iyong kakanin sa harap
ng Panginoon mong Dios sa dakong pipiliin ng Panginoon
mong Dios, kakanin mo, at ng iyong anak na lalake at babae,
at ng iyong aliping lalake at babae, at ng Levita na nasa
loob ng iyong mga pintuang-daan: at kagagalakan mo sa
harap ng Panginoon mong Dios, ang lahat ng kalagyan ng
iyong kamay. 19 Ingatan mong huwag mong pabayaan ang
Levita samantalang nabubuhay ka sa iyong lupain. 20 Pagka

palalakihin ng Panginoon mong Dios ang iyong hangganan, gaya ng kaniyang ipinangako sa iyo, at iyong sasabihin, Ako'y kakain ng karne, sapagka't nasa mong kumain ng karne; ay makakakain ka ng karne, ayon sa buong nasa mo. **21** Kung ang dakong pipiliin ng Panginoon mong Dios na paglalagyan ng kaniyang pangalan ay totoong malayo sa iyo, ay papatay ka nga sa iyong bakahan at sa iyong kawan, na ibinigay sa iyo ng Panginoon, gaya ng iniutos ko sa iyo, at makakakain ka sa loob ng iyong mga pintuang-daan, ayon sa buong nasa mo. **22** Kung paano ang pagkain sa maliit at malaking usa, ay gayon kakanin; ang marumi at ang malinis ay kapuwang makakakain niyaon. **23** Lamang ay pagtibayin mong hindi mo kakanin ang dugo: sapagka't ang dugo ay siyang buhay; at huwag mong kakanin ang buhay na kasama ng laman. **24** Huwag mong kakanin yaon; iyong ibubuhos sa ibabaw ng lupa na parang tubig. **25** Huwag mong kakanin yaon; upang ikabuti mo, at ng iyong mga anak pagkamatay mo, kung iyong gagawin ang matuwid sa paningin ng Panginoon. **26** Ang iyo lamang mga itinalagang bagay na tinatangkilik mo, at ang iyong mga panata, ang iyong dadalhin, at yayaon ka sa dakong pipiliin ng Panginoon: **27** At iyong ihahandog ang iyong mga handog na susunugin, ang laman at ang dugo, sa ibabaw ng dambana ng Panginoon mong Dios: at ang dugo ng iyong mga hain ay ibubuhos sa ibabaw ng dambana ng Panginoon mong Dios; at iyong kakanin ang karne. **28** Iyong sundin at dinggin ang lahat ng mga salitang ito na iniuutos ko sa iyo, upang magpakailan man ay ikabuti mo, at ng iyong mga anak pagkamatay mo, pagka iyong ginawa ang mabuti at matuwid sa paningin ng Panginoon mong Dios. **29** Pagka naihiwalay ng Panginoon mong Dios sa harap mo, ang mga bansa na iyong pinapasok upang ariin, at iyong halinhan sila, at nakatahan ka sa kanilang lupain, **30** Ay magingat ka na huwag masilong sumunod sa kanila, pagkatapos na sila'y malipol sa harap mo; at huwag kang magusisa ng tungkol sa kanilang mga dios, na magsabi, Paanong naglilingkod ang mga bansang ito sa kanilang mga dios? na gayon din ang gagawin ko. **31** Huwag mong gagawing gayon sa Panginoon mong Dios: sapagka't bawa't karumaldumal sa Panginoon, na kaniyang kinapopootan, ay kanilang ginagawa sa kanilang mga dios; sapagka't pati ng kanilang mga anak na lalake at babae ay kanilang sinusunog sa apoy sa kanilang mga dios. **32** Kung anong bagay ang iniuutos ko sa iyo, ay siya mong isasagawa: huwag mong dadagdagan, ni babawasan.

**13** Kung may bumangon sa gitna mo na isang manghuhula, o isang mapanaginipin ng mga panaginip, at kaniyang bigyan ka ng isang tanda o kababalaghan, **2** At ang tanda o ang kababalaghan ay mangyari, na kaniyang pagsalitaan ka, na sabihin, Sumunod tayo sa ibang mga dios, na hindi mo nakikilala, at ating paglingkuran sila; **3** Ay huwag mong didinggin ang mga salita ng manghuhulang yaon, o ng mapanaginiping yaon ng mga panaginip: sapagka't sinusubok kayo ng Panginoon ninyong Dios, upang maalaman kung iniibig ninyo ang Panginoon ninyong Dios ng inyong buong puso at ng inyong buong kaluluwa. **4** Kayo'y lalakad ayon sa Panginoon ninyong Dios, at matatakot sa kaniya, at gaganap ng kaniyang mga utos, at susunod sa kaniyang tinig at maglilingkod sa kaniya at lalakip sa kaniya. **5** At ang manghuhulang yaon o ang mapanaginiping yaon ng mga panaginip, ay papatayin, sapagka't siya'y nagsalita ng panghihimagsik laban sa Panginoon ninyong Dios na naglabas sa inyo sa lupain ng Egipto, at tumubos sa iyo sa bahay ng pagkaalipin, upang iligaw ka sa daan na iniutos sa iyong lakaran mo ng Panginoon mong Dios. Ganito mo aalisin ang kasamaan sa gitna mo. **6** Kung ang inyong kapatid na lalake, na anak ng iyong ina, o ang iyong anak na lalake o babae, o ang asawa ng iyong sinapupunan, o ang iyong kaibigan, na parang iyong sariling kaluluwa, ay humimok sa iyo ng lihim, na magsabi, Tayo'y yumaon at maglingkod sa ibang mga dios, na hindi mo nakilala, ninyo o ng iyong mga magulang; **7** Sa mga dios ng mga bayan na nasa palibot ninyo na malapit sa iyo, o malayo sa iyo, mula sa isang dulo ng lupa hanggang sa kabilang dulo ng lupa; **8** Ay huwag mong papayagan siya ni didinggin siya; ni huwag mong kahahabagan siya ng iyong mata, ni patatawarin, ni ikukubli: **9** Kundi papatayin mo nga; ang iyong kamay ang mangunguna sa kaniya upang patayin siya, at pagkatapos ay ang kamay ng buong bayan. **10** At iyong babatuhin siya ng mga bato upang siya'y mamatay, sapagka't kaniyang pinagsikapang ihiwalay ka sa Panginoon mong Dios, na naglabas sa iyo sa lupain ng Egipto, sa bahay ng pagkaalipin. **11** At maririnig ng buong Israel, at matatakot, at hindi na gagawa ng anomang kasamaan pa na gaya nito sa gitna mo. **12** Kung iyong maririnig saysayin ang tungkol sa isa sa iyong mga bayan, na ibinibigay sa iyo ng Panginoon mong Dios upang tumahan ka roon, na sasabihin. **13** Ilang hamak na tao ay nagsialis sa gitna mo, at iniligaw ang mga nananahan sa kanilang bayan, na sinasabi, Tayo'y yumaon at maglingkod sa ibang mga dios, na hindi ninyo nangakilala; **14** Ay iyo ngang sisiyasatin at uusisain, at itatanong na mainam; at, narito, kung magkatotoo at ang bagay ay tunay, na nagawa sa gitna mo ang gayong karumaldumal; **15** Iyo ngang susugatan ng talim ng tabak, ang mga nananahan sa bayang yaon, na iyong lubos na lilipulin, at ang lahat na nandoon at ang mga hayop doon ay iyong lilipulin ng talim ng tabak. **16** At iyong titipunin ang buong nasamsam doon, sa gitna ng lansangan niyaon, at iyong susunugin

sa apoy ang bayan, at ang buong nasamsam doon, na
bawa't putol, ay sa Panginoon mong Dios; at magiging isang
bunton ng dumi magpakailan man; hindi na muling matatayo.
17 At huwag kang magsasagi ng bagay na itinalaga sa
iyong kamay: upang talikdan ng Panginoon ang kabagsikan
ng kaniyang galit, at pagpakitaan ka niya ng kaawaan, at
mahabag sa iyo at paramihin ka, na gaya ng isinumpa niya
sa iyong mga magulang; 18 Pagka iyong didinggin ang tinig
ng Panginoon mong Dios, na iyong gaganapin ang lahat ng
kaniyang mga utos na aking iniuutos sa iyo sa araw na ito,
na iyong gagawin ang matuwid sa paningin ng Panginoon
mong Dios.

**14** Kayo'y mga anak ng Panginoon ninyong Dios: huwag
kayong magkukudlit, ni magpapakakalbo sa pagitan ng
inyong mga mata, ng dahil sa patay. 2 Sapagka't ikaw ay
isang banal na bayan sa Panginoon mong Dios, at ikaw
ay pinili ng Panginoon upang maging bayan sa kaniyang
sariling pag-aari, na higit sa lahat ng mga bayan na nasa
ibabaw ng balat ng lupa. 3 Huwag kang kakain ng anomang
karumaldumal na bagay. 4 Ito ang mga hayop na inyong
makakain: ang baka, ang tupa, at ang kambing, 5 Ang
malaking usa, at ang maliit na usa, at ang lalaking usa, at ang
mabangis na kambing, at ang pigargo, at ang antilope, at ang
gamuza. 6 At bawa't hayop na may hati ang paa, at baak, at
ngumunguya sa mga hayop, ay inyong makakain. 7 Gayon
ma'y ang mga ito ay hindi kakanin sa mga ngumunguya,
o sa baak ang paa: ang kamelyo, at ang liebre, at ang
coneho, sapagka't sila'y ngumunguya, nguni't walang hati
ang paa; mga marumi sa inyo; 8 At ang baboy, sapagka't
may hating paa, nguni't hindi ngumunguya, ito'y marumi
sa inyo: ang laman nila'y huwag ninyong kakanin, at ang
kanilang bangkay ay huwag hihipuin. 9 At ang mga ito'y
inyong makakain sa lahat ng nasa tubig: anomang may
mga kaliskis at mga palikpik, ay inyong makakain: 10 At
anomang walang kaliskis at palikpik, ay huwag ninyong
kakanin; marumi nga ito sa inyo. 11 Sa lahat ng ibong malinis
ay makakakain kayo. 12 Nguni't ang mga ito'y hindi ninyo
makakain: ang aguila, at ang aguilang dumudurog ng mga
buto, at ang aguilang dagat; 13 At ang ixio, at ang halkon,
at ang lawin ayon sa kaniyang pagkalawin; 14 At lahat na
uwak ayon sa kanilang pagkauwak; 15 At ang avestruz,
at ang chotacabras, at ang graviota, at ang lawin ayon
sa kaniyang pagkalawin; 16 Ang munting kuwago, at ang
malaking kuwago, at ang kuwagong tila may sungay; 17
At ang pelikano, at ang buitre, at ang somormuho; 18 At
ang ciguena at ang tagak, ayon sa kanilang pagkatagak;
at ang abubilla, at ang kabagkabag. 19 At lahat ng may
pakpak na umuusad, ay marumi sa inyo: hindi kakanin.
20 Sa lahat ng ibong malinis ay kayo'y makakakain. 21
Huwag kayong kakain ng anomang bagay na namatay sa
sarili: iyong maibibigay sa taga ibang bayang nasa loob ng
iyong mga pintuang-daan, upang kaniyang kanin; o iyong
maipagbibili sa taga ibang bayan: sapagka't ikaw ay isang
banal na bayan sa Panginoon mong Dios. Huwag mong
lulutuin ang guyang kambing sa gatas ng kaniyang ina. 22
Iyo ngang pagsasangpuing bahagi ang lahat na bunga ng
iyong binhi na nanggagaling taontaon sa iyong bukid. 23 At
iyong kakanin sa harap ng Panginoon mong Dios, sa dakong
kaniyang pipiliin na patatahanan sa kaniyang pangalan, ang
ikasangpung bahagi ng iyong trigo, ng iyong alak at ng iyong
langis, at ang mga panganay sa iyong bakahan at sa iyong
kawan; upang magaral kang matakot sa Panginoon mong
Dios na palagi. 24 At kung ang daan ay totoong mahaba
sa ganang iyo, na ano pa't hindi mo madadala, sapagka't
totoong malayo sa iyo ang dako, na pipiliin ng Panginoon
mong Dios na paglalagyan ng kaniyang pangalan, pagka
ikaw ay pagpapalain ng Panginoon mong Dios: 25 Ay iyo
ngang sasalapiin, at iyong itatali ang salapi sa iyong kamay
at paroroon ka sa dakong pipiliin ng Panginoon mong Dios:
26 At iyong gugulin ang salapi sa anomang nasain mo sa
mga baka, o sa mga tupa, o sa alak, o sa matapang na
inumin, o sa anomang nasain ng iyong kaluluwa: at iyong
kakanin doon sa harap ng Panginoon mong Dios, at ikaw
ay magagalak, ikaw at ang iyong sangbahayan; 27 At ang
Levita na nasa loob ng iyong mga pintuang-daan, ay huwag
mong pababayaan: sapagka't siya'y walang bahagi ni mana
na kasama mo. 28 Sa katapusan ng bawa't tatlong taon
ay iyong kukunin ang buong ikasangpung bahagi ng iyong
bunga ng taong yaon, at iyong ilalagay sa loob ng iyong mga
pintuang-daan: 29 At ang Levita, sapagka't siya'y walang
bahagi ni mana na kasama mo, at ang taga ibang bayan, at
ang ulila, at ang babaing bao, na nangasa loob ng iyong
mga pintuang-daan, ay magsisiparoon at magsisikain at
mangabubusog; upang pagpalain ka ng Panginoon mong
Dios sa lahat ng gawa ng iyong kamay sa iyong ginagawa.

**15** Sa katapusan ng bawa't pitong taon ay magpapatawad
ka ng iyong mga pautang. 2 At ito ang paraan ng
pagpapatawad: bawa't may pautang ay magpapatawad ng
kaniyang ipinautang sa kaniyang kapuwa; huwag niyang
sisingilin sa kaniyang kapuwa, at sa kaniyang kapatid;
sapagka't ang pagpapatawad ng Panginoon ay ipinahayag. 3
Sa isang taga ibang lupa ay iyong masisingil; nguni't anomang
tinatangkilik mo na nasa iyong kapatid ay ipatatawad ng
iyong kamay. 4 Nguni't hindi magkakadukha sa iyo (sapagka't
pagpapalain ka nga ng Panginoon sa lupain na ibinibigay sa
iyo ng Panginoon mong Dios na pinakamana upang iyong
ariin), 5 Kung iyong didinggin lamang na masikap ang tinig ng
Panginoon mong Dios, na isagawa ang buong utos na ito na

aking iniuutos sa iyo sa araw na ito. 6 Sapagka't pagpapalain
ka ng Panginoon mong Dios, na gaya ng ipinangako niya
sa iyo: at ikaw ay magpapautang sa maraming bansa,
nguni't hindi ka mangungutang; at ikaw ay magpupuno sa
maraming bansa, nguni't hindi ka nila pagpupunuan. 7
Kung magkaroon sa iyo ng isang dukha, na isa sa iyong
mga kapatid, na nasa loob ng iyong mga pintuang-daan
sa iyong lupaing ibinibigay sa iyo ng Panginoon mong
Dios, ay huwag mong pagmamatigasin ang iyong puso, ni
pagtitikuman ng iyong kamay ang iyong dukhang kapatid: 8
Kundi iyo ngang bubukhin ang iyong kamay sa kaniya, at
iyo ngang pauutangin siya ng sapat sa kaniyang kailangan
sa kaniyang kinakailangan. 9 Pagingatan mong huwag
magkaroon ng masamang pagiisip sa iyong puso, na iyong
sabihin, Ang ikapitong taon, na taon ng pagpapatawad,
ay malapit na; at ang iyong mata'y magmasama laban sa
iyong dukhang kapatid at hindi mo siya bigyan; at siya'y
dumaing sa Panginoon laban sa iyo, at maging kasalanan
sa iyo. 10 Siya nga'y bibigyan mo, at ang iyong puso'y
huwag magdamdam pagka binibigyan mo siya; sapagka't
dahil sa bagay na ito'y pagpapalain ka ng Panginoon mong
Dios sa lahat ng iyong gawa, at sa lahat ng hipuin ng iyong
kamay. 11 Sapagka't hindi mawawalan ng dukha sa lupain
kailan man: kaya't aking iniutos sa iyo, na aking sinasabi,
Bubukhin mo nga ang iyong kamay sa iyong kapatid, sa
nagkakailangan sa iyo, at sa dukha mo, sa iyong lupain.
12 Kung ang iyong kapatid, na Hebreong lalake o babae,
ay ipagbili sa iyo, at maglingkod sa iyong anim na taon;
sa ikapitong taon nga ay iyong papagpapaalaming laya
sa iyo. 13 At pagka iyong papagpapaalaming laya sa iyo,
ay huwag mo siyang papagpapaalaming walang dala: 14
Iyo siyang papagbabaunin na may kasaganaan ng bunga
ng iyong kawan, at ng iyong giikan, at ng iyong pisaan
ng ubas, kung paano ang ipinagpala sa iyo ng Panginoon
mong Dios, ay bibigyan mo siya. 15 At iyong aalalahanin
na ikaw ay alipin sa lupain ng Egipto, at tinubos ka ng
Panginoon mong Dios: kaya't iniuutos ko sa iyo ngayon
ang bagay na ito. 16 At mangyayari, na kung sabihin niya
sa iyo, Hindi ako aalis sa iyo; sapagka't iniibig ka niya
at ang iyong bahay, sapagka't kinalulugdan mo siya; 17
At kukuha ka nga ng isang pangbutas at ibutas mo sa
kaniyang tainga sa pintuan, at siya'y magiging iyong alipin
magpakailan man. At sa iyong aliping babae man ay gayon
din ang iyong gagawin. 18 Huwag mong mamabigatin, pagka
iyong papagpapaalaming laya sa iyo: sapagka't ibayo ng
kaupahang magpapaupa ang kaniyang ipinaglingkod sa iyo
sa anim na taon: at pagpapalain ka ng Panginoon mong
Dios sa lahat ng iyong ginagawa. 19 Lahat ng panganay
na lalake na ipinanganak sa iyong bakahan, at sa iyong
kawan ay iyong itatalaga sa Panginoon mong Dios: huwag
mong pagagawin ang panganay ng iyong baka, ni huwag
mong gugupitan ang panganay ng iyong kawan. 20 Iyong
kakanin sa harap ng Panginoon mong Dios taontaon sa
dakong pipiliin ng Panginoon, kakanin mo, at ng iyong mga
sangbahayan. 21 At kung may anomang kapintasan, na
pilay o bulag, anomang masamang kapintasan, ay huwag
mong ihahain sa Panginoon mong Dios. 22 Iyong kakanin
sa loob ng iyong mga pintuang-daan: ang marumi at ang
malinis ay kapuwa kakain, na gaya ng maliit na usa at gaya
ng malaking usa. 23 Huwag mo lamang kakanin ang dugo
niyaon; iyong ibubuhos sa ibabaw ng lupa na parang tubig.

**16** Magdidiwang ka sa buwan ng Abib, at ipangingilin ang
paskua sa Panginoon mong Dios: sapagka't sa buwan
ng Abib inilabas ka ng Panginoon mong Dios sa Egipto sa
gabi. 2 At iyong ihahain ang paskua sa Panginoon mong
Dios, ang sa kawan at sa bakahan, sa dakong pipiliin ng
Panginoon na patatahanan sa kaniyang pangalan. 3 Huwag
kang kakain sa paskua ng tinapay na may lebadura; pitong
araw na kakanin mo sa paskua ang tinapay na walang
lebadura, ang tinapay ng pagkapighati; sapagka't umalis
kang madalian sa lupain ng Egipto: upang iyong maalaala
ang araw na inialis mo sa lupain ng Egipto sa lahat ng mga
araw ng iyong buhay. 4 At pitong araw na walang makikitang
lebadura sa iyo, sa lahat ng iyong mga hangganan; ni sa
anomang karne na iyong ihahain sa unang araw sa paglubog
ng araw ay walang maiiwan sa buong gabi, hanggang sa
umaga; 5 Hindi mo maihahain ang paskua sa loob ng
alin man sa iyong mga pintuang-daan, na ibinibigay sa
iyo ng Panginoon mong Dios: 6 Kundi sa dakong pipiliin
ng Panginoon mong Dios na patatahanan sa kaniyang
pangalan, ay doon mo ihahain ang paskua sa pagtatakip
silim, sa paglubog ng araw, sa panahon na iyong inialis sa
Egipto. 7 At iyong iihawin at kakanin sa dakong pipiliin ng
Panginoon mong Dios; at ikaw ay babalik sa kinaumagahan,
at uuwi sa iyong mga tolda. 8 Anim na araw na kakain ka
ng tinapay na walang lebadura: at sa ikapitong araw ay
magkakaroon ka ng takdang pagpupulong sa Panginoon
mong Dios: huwag kang gagawa ng anomang gawa sa araw
na iyan. 9 Pitong sanglinggo ang iyong bibilangin sa iyo:
mula sa iyong pagpapasimulang isuot ang panggapas sa
mga nakatayong trigo ay magpapasimula kang bumilang ng
pitong sanglinggo. 10 At iyong ipagdidiwang ang kapistahan
ng mga sanglinggo sa Panginoon mong Dios na may dulot
ng kusang handog ng iyong kamay, na iyong ibibigay, ayon
sa ipinagpala sa iyo ng Panginoon mong Dios: 11 At ikaw ay
magagalak sa harap ng Panginoon mong Dios, ikaw at ang
iyong anak na lalake at babae, at ang iyong aliping lalake at
babae, at ang Levita na nasa loob ng iyong mga pintuang-

daan, at ang taga ibang bayan, at ang ulila, at ang babaing
bao, na nasa gitna mo, sa dakong pipiliin ng Panginoon
mong Dios na patatahanan sa kaniyang pangalan. **12** At
iyong aalalahanin na ikaw ay naging alipin sa Egipto: at
iyong gaganapin at gagawin ang mga palatuntunang ito. **13**
Iyong ipagdidiwang na pitong araw ang kapistahan ng mga
tabernakulo, pagkatapos na makamalig mo ang aning mula
sa iyong giikan at sa iyong pisaan ng ubas: **14** At ikaw ay
magagalak sa iyong pagpipista, ikaw, at ang iyong anak na
lalake at babae, at ang iyong aliping lalake at babae, at ang
Levita, at ang taga ibang bayan, at ang ulila, at ang babaing
bao, na nasa loob ng iyong mga pintuang-daan. **15** Pitong
araw na ipagdidiwang mo ang pista sa Panginoon mong
Dios sa dakong pipiliin ng Panginoon: sapagka't pagpapalain
ka ng Panginoon mong Dios sa lahat ng iyong kinikita, at
sa lahat ng gawa ng iyong mga kamay, at ikaw ay lubos
na magagalak. **16** Makaitlo sa isang taon na ang iyong
mga lalake ay magsisiharap sa Panginoon mong Dios,
sa dakong kaniyang pipiliin; sa kapistahan ng tinapay na
walang lebadura, at sa kapistahan ng mga sanglinggo, at sa
kapistahan ng mga tabernakulo: at huwag silang haharap na
walang dala sa Panginoon: **17** Bawa't lalake ay magbibigay
ng kaniyang kaya, ayon sa pagpapala na ibinigay sa iyo ng
Panginoon mong Dios. **18** Maghahalal ka sa iyo ng mga
hukom at ng mga pinuno sa lahat ng iyong mga pintuang-
daan, na ibinibigay sa iyo ng Panginoon mong Dios, ayon sa
iyong mga lipi: at sila'y hahatol sa bayan ng matuwid na
paghatol. **19** Huwag kang magliliko ng paghatol; huwag kang
tatangi ng mga pagkatao: ni kukuha ng suhol; sapagka't
ang suhol ay bumubulag ng mga mata ng marunong, at
nagliliko ng mga salita ng matuwid. **20** Susundin mo ang
tunay na katuwidtuwiran, upang mabuhay ka at manahin mo
ang lupain na ibinibigay sa iyo ng Panginoon mong Dios.
**21** Huwag kang magtatanim sa iyo ng Asera ng anomang
kahoy sa siping ng dambana ng Panginoon mong Dios, na
gagawin mo para sa iyo. **22** Ni magtatayo ka para sa iyo ng
pinakaalaalang haligi; na kinapopootan ng Panginoon mong
Dios.

**17** Huwag kang maghahain sa Panginoon mong Dios ng
baka o tupa, na may dungis o anomang kapintasan;
sapagka't yao'y isang karumaldumal sa Panginoon mong
Dios. **2** Kung may masusumpungan sa gitna mo, sa loob ng
alin man sa iyong mga pintuang-daan, na ibinigay sa iyo ng
Panginoon mong Dios, ang lalake o babae na gumagawa
ng kasamaan sa paningin ng Panginoon mong Dios, sa
pagsalangsang sa kaniyang tipan, **3** At yumaon at naglingkod
sa ibang mga dios, at sumamba sa kanila, o sa araw, o sa
buwan, o sa anomang natatanaw sa langit na hindi ko iniutos;
**4** At maisaysay sa iyo, at iyong mabalitaan; ay iyo ngang
sisiyasating masikap; at, narito, kung totoo, at ang bagay ay
tunay, na ang gayong karumaldumal ay nagawa sa Israel, **5**
Ay iyo ngang ilalabas ang lalake o babaing yaon, na gumawa
nitong bagay na kasamaan, sa iyong mga pintuang-daan, sa
makatuwid baga'y ang lalake o babae; at iyong babatuhin
sila ng mga bato, hanggang sila'y mamatay. **6** Sa bibig ng
dalawang saksi, o ng tatlong saksi ay papatayin ang dapat
mamatay; sa bibig ng isang saksi ay hindi siya papatayin.
**7** Ang kamay ng mga saksi ay siyang unang papatay sa
kaniya at pagkatapos ang kamay ng buong bayan. Ganito
mo aalisin ang kasamaan sa gitna mo. **8** Kung magkakaroon
ng totoong mahirap na bagay sa iyo sa paghatol, na dugo't
dugo, usap at usap, at bugbog at bugbog, na bagay na
pagkakaalit sa loob ng iyong mga pintuang-daan, ikaw nga'y
titindig at sasampa sa dakong pipiliin ng Panginoon mong
Dios; **9** At ikaw ay paroroon sa mga saserdote na mga
Levita, at sa magiging hukom sa mga araw na yaon: at
iyong sisiyasatin; at kanilang ipakikilala sa iyo ang hatol ng
kahatulan. **10** At iyong gagawin ayon sa tinig ng hatol, na
kanilang ipakikilala sa iyo mula sa dakong yaon na pipiliin ng
Panginoon; at iyong isasagawa ayon sa lahat na kanilang
ituturo sa iyo: **11** Ayon sa tinig ng kautusan na kanilang
ituturo sa iyo, at ayon sa kahatulan na kanilang isasaysay sa
iyo, ay gagawin mo: huwag kang liliko sa hatol na kanilang
ipakikilala sa iyo, maging sa kanan o sa kaliwa man. **12**
At ang tao na gumawa ng pagpapalalo, sa di pakikinig sa
saserdote na tumatayo upang mangasiwa doon sa harap ng
Panginoon mong Dios, o sa hukom, ay papatayin nga ang
taong yaon: at iyong aalisin ang kasamaan sa Israel. **13** At
maririnig ng buong bayan at matatakot, at di na gagawa pa
ng pagpapalalo. **14** Pagka ikaw ay dumating sa lupain na
ibinibigay sa iyo ng Panginoon mong Dios, at iyong aariin,
at iyong tatahanan; at iyong sasabihin, Ako'y maglalagay
ng isang hari sa akin gaya ng lahat ng mga bansang nasa
palibot ko; **15** Ay ilalagay mo ngang hari sa iyo, yaong pipiliin
ng Panginoon mong Dios: na isa sa iyong mga kapatid ang
ilalagay mong hari sa iyo: hindi mo mailalagay sa iyo ang
isang taga ibang bayan, na hindi mo kapatid. **16** Huwag
lamang siyang magpaparami ng mga kabayo, ni pababalikin
niya ang bayan sa Egipto, upang siya'y makapagparami ng
mga kabayo: sapagka't sinabi sa inyo ng Panginoon, Huwag
na ninyong babalikan mula ngayon ang daang yaon. **17** Ni
huwag siyang magpaparami ng mga asawa, upang huwag
maligaw ang kaniyang puso: ni huwag siyang magpaparami
ng pilak at ginto. **18** At mangyayari, na pagka siya'y luluklok
sa luklukan ng kaniyang kaharian, ay kaniyang susulatin ang
isang salin ng kautusang ito sa isang aklat, na nasa harap ng
mga saserdote na mga Levita: **19** At mamamalagi sa kaniya,
at kaniyang babasahin sa lahat ng mga araw ng kaniyang

buhay: upang siya'y magaral na matakot sa Panginoon
niyang Dios, upang isagawa ang lahat ng mga salita ng
kautusang ito at ng mga palatuntunang ito; **20** Upang ang
kaniyang puso ay huwag magmataas sa kaniyang mga
kapatid at siya'y huwag maligaw sa utos, maging sa kanan,
o sa kaliwa: upang kaniyang maparami ang kaniyang mga
araw sa kaniyang kaharian, niya, at ng kaniyang mga anak
sa gitna ng Israel.

**18** Ang mga saserdote na mga Levita, ang buong lipi
ni Levi, ay hindi magkakaroon ng bahagi ni mana na
kasama ng Israel; sila'y kakain ng mga handog sa Panginoon
na pinaraan sa apoy, at ng kaniyang mana. **2** At sila'y hindi
magkakaroon ng mana na kasama ng kanilang mga kapatid;
ang Panginoon ang kanilang mana, gaya ng sinalita niya sa
kanila. **3** At ito ang magiging karampatan ng mga saserdote
sa bayan, sa kanila na naghahandog ng hain, maging baka
o tupa, na kanilang ibibigay sa saserdote ang balikat, at
ang dalawang pisngi, at ang sikmura. **4** Ang mga unang
bunga ng iyong trigo, ng iyong alak, at ng iyong langis, at
ang unang balahibo ng iyong mga tupa, ay ibibigay mo sa
kaniya. **5** Sapagka't pinili siya ng Panginoon mong Dios sa
lahat ng iyong mga lipi, upang tumayong mangasiwa sa
pangalan ng Panginoon, siya at ang kaniyang mga anak
magpakailan man. **6** At kung ang isang Levita ay umalis
sa alinman sa iyong mga pintuang-daan ng buong Israel
na kaniyang pinakikipamayanan at pumaroon ng buong
nasa ng kaniyang kaluluwa sa dakong pipiliin ng Panginoon;
**7** Ay mangangasiwa nga siya sa pangalan ng Panginoon
niyang Dios, na gaya ng ginagawa ng lahat ng kaniyang
mga kapatid na mga Levita, na tumatayo roon sa harap ng
Panginoon. **8** Sila'y magkakaroon ng magkakaparehong
bahagi na kakanin, bukod sa magmumula sa pinagbilhan
sa pamana ng kaniyang ama. **9** Pagpasok mo sa lupain
na ibinibigay sa iyo ng Panginoon mong Dios, ay huwag
kang magaaral gumawa ng ayon sa mga karumaldumal ng
mga bansang yaon. **10** Huwag makakasumpong sa iyo ng
sinomang nagpaparaan sa apoy ng kaniyang anak na lalake
o babae, o nanghuhula o nagmamasid ng mga pamahiin
o enkantador, o manggagaway, **11** O enkantador ng mga
ahas, o nakikipagsanggunian sa mga masamang espiritu,
o mahiko, o sumasangguni sa mga patay. **12** Sapagka't
sinomang gumagawa ng mga bagay na ito ay karumaldumal
sa Panginoon: at dahil sa mga karumaldumal na ito ay
pinalalayas sila ng Panginoon mong Dios sa harap mo. **13**
Ikaw ay magpapakasakdal sa Panginoon mong Dios. **14**
Sapagka't ang mga bansang ito, na iyong aariin, ay nakikinig
sa kanila na nagmamasid ng mga pamahiin, at sa mga
manghuhula: nguni't tungkol sa iyo, ay hindi pumayag ang
Panginoon mong Dios na gawin mo. **15** Palilitawin sa iyo ng
Panginoon mong Dios ang isang propeta sa gitna mo, sa
iyong mga kapatid, na gaya ko; sa kaniya kayo makikinig; **16**
Ayon sa lahat ng iyong ninasa sa Panginoon mong Dios sa
Horeb, sa araw ng kapulungan, na sinasabi, Huwag mong
iparinig uli sa akin ang tinig ng Panginoon kong Dios, ni
ipakita pa sa akin itong dakilang apoy, upang huwag akong
mamatay. **17** At sinabi ng Panginoon sa akin, Mabuti ang
kanilang pagkasabi ng kanilang salitain. **18** Aking palilitawin
sa kanila ang isang propeta sa gitna ng kanilang mga
kapatid, na gaya mo; at aking ilalagay ang aking mga salita
sa bibig niya, at kaniyang sasalitain sa kanila ang lahat ng
aking iuutos sa kaniya. **19** At mangyayari, na sinomang hindi
makikinig sa aking mga salita na kaniyang sasalitain sa aking
pangalan, ay aking sisiyasatin yaon sa kaniya. **20** Nguni't
ang propeta na magsasalita ng salitang may pagpapalalo sa
aking pangalan, na hindi ko iniutos sa kaniyang salitain o
magsasalita sa pangalan ng ibang mga dios, ay papatayin
nga ang propetang yaon. **21** At kung iyong sasabihin sa
iyong puso: Paanong malalaman namin ang salita na hindi
sinalita ng Panginoon? **22** Pagka ang isang propeta ay
nagsasalita sa pangalan ng Panginoon, kung ang bagay na
sinasabi ay hindi sumunod ni mangyari, ay hindi sinalita
ng Panginoon ang bagay na yaon: ang propetang yaon ay
nagsalita ng kahambugan, huwag mong katatakutan siya.

**19** Pagka ihihiwalay ng Panginoon mong Dios ang mga
bansa, na lupaing ibinibigay sa iyo ng Panginoon
mong Dios, at hahalili ka sa kanila, at iyong tatahanan
ang kanilang mga bayan, at ang kanilang mga bahay; **2**
Ay maghihiwalay ka para sa iyo ng tatlong bayan sa gitna
ng iyong lupain, na ibinibigay sa iyo ng Panginoon mong
Dios upang ariin. **3** Ikaw ay maghahanda sa iyo ng daan,
at pagtatluhin mong bahagi ang mga hangganan ng iyong
lupain, na ipinamamana sa iyo ng Panginoon mong Dios,
upang matakasan ng bawa't nakamatay tao. **4** At ito ang
bagay ng nakamatay tao, na tatakas doon at mabubuhay:
sinomang makapatay sa kaniyang kapuwa ng di sinasadya,
at hindi niya kinapopootan ng panahong nakaraan; **5** Gaya
ng isang tao na yumaon sa gubat na kasama ang kaniyang
kapuwa upang pumutol ng kahoy, at sa kamay niya na
pumapalakol upang pumutol ng kahoy, ay humagpos ang
patalim sa tatangnan, at bumagsak sa kaniyang kapuwa, na
anopa't mamatay; ay tatakas siya sa isa sa mga bayang yaon
at siya'y mabubuhay: **6** Baka habulin ng tagapanghiganti sa
dugo ang nakamatay, samantalang ang puso'y nagaalab, at
siya'y kaniyang abutan, sapagka't ang daan ay mahaba,
at siya'y saktan ng malubha; na siya'y di marapat patayin,
sapagka't hindi niya kinapopootan nang panahong nakaraan.
**7** Kaya't iniuutos ko sa iyo, na sinasabi, Maghihiwalay ka para
sa iyo ng tatlong bayan. **8** At kung palakihin ng Panginoon

mong Dios ang iyong hangganan gaya ng kaniyang isinumpa
sa iyong mga magulang, at ibigay niya sa iyo ang buong
lupain na kaniyang ipinangakong ibibigay sa iyong mga
magulang; 9 Kung iyong isasagawa ang buong utos na
ito, na aking iniuutos sa iyo sa araw na ito, na ibigin ang
Panginoon mong Dios, at lumakad kailan man sa kaniyang
mga daan; ay magdadagdag ka pa nga ng tatlong bayan
sa iyo, bukod sa tatlong ito: 10 Upang huwag mabubo ang
dugong walang sala sa gitna ng iyong lupain, na ibinibigay
sa iyo na pinakamana ng Panginoon mong Dios, at sa gayo'y
maging salarin ka sa iyo. 11 Nguni't kung ang sinoman ay
mapoot sa kaniyang kapuwa, at pag-abangan niya siya,
at siya'y tumindig laban sa kaniya, at saktan niya siya
ng malubha, na anopa't mamatay; at siya'y tumakas sa
isa sa mga bayang ito: 12 Ay magsusugo nga ang mga
matanda sa kaniyang bayan at kukunin siya roon, at ibibigay
siya sa kamay ng tagapanghiganti sa dugo, upang siya'y
mamatay. 13 Ang iyong mata'y huwag mahahabag sa kaniya;
kundi aalisin mo sa Israel ang dugong walang sala, upang
ikabuti mo. 14 Huwag mong babaguhin ang lindero ng iyong
kapuwa, na kanilang inilagay ng una, sa iyong mana na iyong
mamanahin, sa lupain na ibinibigay sa iyo ng Panginoon
mong Dios upang ariin. 15 Isang saksi ay huwag titindig
laban sa kanino man sa anomang kasamaan, o sa anomang
kasalanang kaniyang pinagkasalahan: sa bibig ng dalawang
saksi, o sa bibig ng tatlong saksi ay pagtitibayin ang usap.
16 Kung ang isang sinungaling na saksi ay tumindig laban
sa kanino man upang sumaksi laban sa kaniya ng isang
masamang gawa, 17 Ang dalawang taong naguusapin ay
tatayo sa harap ng Panginoon, sa harap ng mga saserdote
at ng mga magiging hukom sa mga araw na yaon; 18 At
sisiyasating masikap ng mga hukom: at, narito, kung ang
saksi ay saksing sinungaling, at sumaksi ng kasinungalingan
laban sa kaniyang kapatid; 19 Ay gagawin mo nga sa kaniya,
ang gaya ng kaniyang inisip gawin sa kaniyang kapatid:
sa gayo'y iyong aalisin ang kasamaan sa gitna mo. 20 At
maririnig niyaong mga natitira at matatakot, at hindi na sila
magkakamit pa ng gayong kasamaan sa gitna mo. 21 At ang
iyong mata'y huwag mahahabag: buhay kung buhay, mata
kung mata, ngipin kung ngipin, kamay kung kamay, paa
kung paa.

**20** Pagka ikaw ay lalabas upang makibaka laban sa
iyong mga kaaway at makakita ka ng mga kabayo, at
mga karo, at ng isang bayang higit kay sa iyo, ay huwag
kang matatakot sa kanila: sapagka't ang Panginoon mong
Dios ay sumasaiyo, na siyang naglabas sa iyo sa lupain
ng Egipto. 2 At mangyayari paglapit ninyo sa pakikibaka,
na ang saserdote ay lalapit at magsasalita sa bayan. 3
At magsasabi sa kanila, Dinggin mo, Oh Israel, kayo'y
lumapit sa araw na ito sa pakikibaka laban sa inyong mga
kaaway: huwag manglupaypay ang inyong puso; huwag
kayong matakot, ni manginig, ni maduwag dahil sa kanila. 4
Sapagka't ang Panginoon ninyong Dios ay siyang yumayaong
kasama ninyo, upang ipakipaglaban kayo sa inyong mga
kaaway, upang kayo'y iligtas. 5 At ang mga pinuno ay
magsasalita sa bayan, na sasabihin, Sinong tao ang nagtayo
ng isang bagong bahay, at hindi pa niya natatalagahan?
siya'y yumaon at bumalik sa kaniyang bahay, baka siya'y
mamatay sa pakikibaka at ibang tao ang magtalaga. 6 At
sinong lalake ang may itinanim na isang ubasan at hindi pa
niya napapakinabangan ang bunga niyaon? siya'y yumaon
at bumalik sa kaniyang bahay, baka siya'y mamatay sa
pakikibaka at ibang lalake ang makinabang ng bunga niyaon.
7 At sinong lalake ang nagasawa sa isang babae at di
pa niya nakukuha? siya'y yumaon at bumalik sa kaniyang
bahay, baka siya'y mamatay sa pakikibaka, at ibang lalake
ang kumuha sa kaniyang asawa. 8 At muling magsasalita
ang mga puno sa bayan, at kanilang sasabihin, Sinong
lalake ang matatakutin at mahinang loob? siya'y yumaon at
bumalik sa kaniyang bahay, baka ang puso ng kaniyang
mga kapatid ay manglupaypay na gaya ng kaniyang puso. 9
At mangyayari, pagka ang mga pinuno ay natapos nang
makapanalita sa bayan, na sila'y maghahalal ng mga kapitan
ng mga hukbo sa unahan ng bayan. 10 Pagka ikaw ay
lalapit sa isang bayan upang makipaglaban, ay iyo ngang
ihahayag ang kapayapaan doon. 11 At mangyayari, na kung
sagutin ka ng kapayapaan, at pagbuksan ka, ay mangyayari
nga, na ang buong bayang masusumpungan sa loob ay
magiging sakop mo, at maglilingkod sa iyo. 12 At kung ayaw
makipagpayapaan sa iyo, kundi makikipagbaka laban sa
iyo, ay kukubkubin mo nga siya: 13 At pagka ibinigay ng
Panginoon mong Dios sa iyong kamay ay iyong susugatan
ang bawa't lalake niyaon ng talim ng tabak: 14 Nguni't ang
mga babae, at ang mga bata, at ang mga hayop, at ang
buong nasa bayan, pati ng buong nasamsam doon, ay
kukunin mong pinakasamsam; at kakanin mo ang samsam
sa iyong mga kaaway na ibinigay sa iyo ng Panginoon mong
Dios. 15 Gayon ang iyong gagawin sa lahat ng bayang
totoong malayo sa iyo, na hindi sa mga bayan ng mga
bansang ito. 16 Nguni't sa mga bayan ng mga taong ito na
ibinibigay sa iyo ng Panginoon mong Dios na pinakamana,
ay huwag kang magtitira ng may buhay sa anomang bagay
na humihinga: 17 Kundi iyong lilipulin sila; ang Hetheo, at
ang Amorrheo, ang Cananeo, at ang Pherezeo, ang Heveo,
at ang Jebuseo; gaya ng iniutos sa iyo ng Panginoon mong
Dios. 18 Upang huwag kayong turuan nilang gumawa ng
ayon sa lahat nilang karumaldumal, na kanilang ginawa
sa kanilang mga dios; na anopa't kayo'y magkasala laban

sa Panginoon ninyong Dios. 19 Pagka iyong kukubkubing
mahabang panahon ang isang bayan sa pakikibaka upang
sakupin, ay huwag mong sisirain ang mga punong kahoy
niyaon, na pagbubuhatan ng palakol; sapagka't makakain
mo, at huwag mong ipagbububuwal; sapagka't tao ba ang
kahoy sa parang na kukubkubin mo? 20 Ang mga punong
kahoy lamang na iyong kilala na hindi mga kahoy na
nakakain, ang iyong sisirain at ibubuwal; at iyong itatayong
mga kuta laban sa bayang nakikibaka sa iyo, hanggang sa
maibuwal mo.

21 Kung may masumpungang pinatay sa lupain na
ibinibigay sa iyo ng Panginoon mong Dios upang ariin,
na nabubulagta sa parang, at hindi maalaman kung sinong
sumugat sa kaniya: 2 Ay lalabas nga ang iyong mga matanda
at ang iyong mga hukom, at kanilang susukatin ang layo ng
mga bayang nasa palibot ng pinatay: 3 At mangyayari, na
ang mga matanda sa bayang yaon, na bayang malapit sa
pinatay, ay kukuha ng isang dumalagang baka sa bakahan,
na hindi pa nagagamit at hindi pa nakakapagpasan ng
pamatok; 4 At ibababa ng mga matanda ang dumalagang
baka sa isang libis na may agos ng tubig, na di pa nabubukid,
ni nahahasikan, at babaliin ang leeg ng dumalagang baka
doon sa libis: 5 At ang mga saserdote na mga anak ni
Levi ay lalapit, sapagka't sila ang pinili ng Panginoon mong
Dios na mangasiwa sa kaniya, at bumasbas sa pangalan
ng Panginoon; at ayon sa kanilang salita ay pasisiyahan
ang bawa't pagkakaalit at bawa't awayan: 6 At lahat ng
mga matanda sa bayang yaon, na malapit sa pinatay, ay
maghuhugas ng kanilang kamay sa ibabaw ng dumalagang
baka na binali ang leeg sa libis: 7 At sila'y sasagot at
sasabihin, Ang aming kamay ay hindi nagbubo ng dugong
ito, ni nakita ng aming mga mata. 8 Patawarin mo, Oh
Panginoon, ang iyong bayang Israel, na iyong tinubos,
at huwag mong tikising matira sa gitna ng iyong bayang
Israel, ang dugong walang sala. At ang dugo'y ipatatawad
sa kanila. 9 Gayon mo aalisin ang dugong walang sala sa
gitna mo, pagka iyong gagawin ang matuwid sa paningin ng
Panginoon. 10 Pagka ikaw ay lalabas upang makipagbaka
laban sa iyong mga kaaway, at ibibigay sila ng Panginoon
mong Dios sa iyong mga kamay, at dadalhin mo silang bihag,
11 At makakakita ka sa mga bihag ng isang magandang
babae, at magkaroon ka ng nasa sa kaniya, at iibigin mo
siyang kuning asawa, 12 Ay iyo nga siyang dadalhin sa iyong
bahay; at kaniyang aahitan ang kaniyang ulo, at gugupitin
ang kaniyang mga kuko; 13 At kaniyang huhubarin ang suot
na pagkabihag sa kaniya, at matitira sa iyong bahay, at
iiyakan ang kaniyang ama at ang kaniyang ina na isang
buong buwan: at pagkatapos noo'y sisiping ka sa kaniya,
at ikaw ay magiging asawa niya, at siya'y magiging iyong
asawa. 14 At mangyayari, na kung di mo kalugdan siya,
ay iyo ngang pababayaan siyang yumaon kung saan niya
ibig; nguni't huwag mo siyang ipagbibili ng salapi, huwag
mo siyang aalipinin, sapagka't iyong pinangayupapa siya.
15 Kung ang isang lalake ay may dalawang asawa, na
ang isa'y sinisinta, at ang isa'y kinapopootan, at kapuwa
magkaanak sa kaniya, ang sinisinta at ang kinapopootan;
at kung ang maging panganay ay sa kinapopootan: 16 Ay
mangyayari nga sa araw na kaniyang pagmanahin ang
kaniyang mga anak ng kaniyang tinatangkilik, ay hindi niya
magagawang panganay ang anak ng sinisinta na higit kay
sa anak ng kinapopootan, na siyang panganay; 17 Kundi
kaniyang kikilalaning panganay, ang anak ng kinapopootan
sa pamamagitan ng pagbibigay sa kaniya ng dalawang
bahagi sa buong kaniyang tinatangkilik; sapagka't siya
ang pasimula ng kaniyang lakas; ang karapatan nga ng
pagkapanganay ay kaniya. 18 Kung ang isang lalake ay
may matigas na loob at mapanghimagsik na anak, na ayaw
makinig ng tinig ng kaniyang ama, o ng tinig ng kaniyang
ina, at bagaman kanilang parusahan siya ay ayaw makinig
sa kanila: 19 Ay hahawakan nga ng kaniyang ama at ng
kaniyang ina at dadalhin sa mga matanda sa kaniyang
bayan, at sa pintuang-bayan ng kaniyang pook; 20 At
kanilang sasabihin sa mga matanda sa kaniyang bayan.
Itong aming anak ay matigas na loob at mapanghimagsik, na
ayaw niyang dinggin ang aming tinig; siya'y may masamang
pamumuhay, at manglalasing. 21 At babatuhin siya ng mga
bato, ng lahat ng mga lalake sa kaniyang bayan upang siya'y
mamatay: gayon mo aalisin ang kasamaan sa gitna mo; at
maririnig ng buong Israel, at matatakot. 22 Kung ang isang
lalake ay magkasala ng kasalanang marapat sa kamatayan,
at siya'y patayin, at iyong ibitin siya sa isang punong kahoy;
23 Ay huwag maiiwan buong gabi ang kaniyang bangkay sa
punong kahoy, kundi walang pagsalang siya'y iyong ililibing
sa araw ding yaon; sapagka't ang bitin ay sinumpa ng Dios;
upang huwag mong ihawa ang iyong lupa na ibinibigay sa
iyo ng Panginoon mong Dios, na ipinamana.

22 Huwag mong makikitang naliligaw ang baka ng iyong
kapatid o ang kaniyang tupa, at ikaw ay magkukubli
sa mga yaon: iyo ngang ibabalik sa iyong kapatid. 2 At
kung ang iyong kapatid ay hindi malapit sa iyo, o kung hindi
mo siya nakikilala, ay iyo ngang iuuwi sa iyong bahay, at
mapapasaiyo hanggang sa hanapin ng iyong kapatid, at
iyong isasauli sa kaniya. 3 At gayon ang iyong gagawin sa
kaniyang asno; at gayon ang iyong gagawin sa kaniyang
damit, at gayon ang iyong gagawin sa bawa't nawalang
bagay ng iyong kapatid, na nawala sa kaniya at iyong
nasumpungan: huwag kang magkukubli. 4 Huwag mong
makikitang napahiga sa daan ang asno ng iyong kapatid o

ang kaniyang baka at ikaw ay magkukubli sa mga yaon;
iyo ngang tutulungan siya upang itindig sila uli. 5 Ang
babae ay huwag mananamit ng nauukol sa lalake, ni ang
lalake ay magsusuot ng pananamit ng babae; sapagka't
sinomang gumagawa ng mga bagay na ito ay karumaldumal
sa Panginoon mong Dios. 6 Kung ang isang pugad ng ibon
ay magkataong masumpungan mo sa daan, sa anomang
punong kahoy, o sa lupa, na may mga inakay, o mga itlog at
humahalimhim ang inahin sa mga inakay, o sa mga itlog,
ay huwag mong kukunin ang inahin na kasama ng mga
inakay: 7 Sa anomang paraan, ay iyong pawawalan ang
inahin, nguni't ang inakay ay makukuha mong sa iyo; upang
ikabuti mo at upang tumagal ang iyong mga araw. 8 Pagka
ikaw ay magtatayo ng isang bagong bahay, ay igagawa mo
nga ng isang halang ang iyong bubungan, upang huwag
kang magtaglay ng sala ng dugo sa iyong bahay, kung
ang sinomang tao ay mahulog mula roon. 9 Huwag mong
tatamnan ang iyong ubasan ng dalawang magkaibang binhi:
baka ang buong bunga ay masira, ang binhi na iyong inihasik
at ang bunga ng ubasan. 10 Huwag kang mag-aararo na
may isang baka at isang asno na magkatuwang. 11 Huwag
kang magbibihis ng magkahalong kayo, ng lana at lino na
magkasama. 12 Gagawa ka sa iyo ng mga tirintas sa apat
na laylayan ng iyong balabal, na ipinangbabalabal mo sa iyo.
13 Kung ang sinoman ay magasawa, at sumiping sa kaniya,
at kaniyang kapootan siya, 14 At kaniyang bintangan ng mga
kahiyahiyang bagay, at ikalat ang isang masamang dangal
niya, at sabihin, Aking kinuha ang babaing ito, at nang
sipingan ko siya, ay hindi ko nasumpungan sa kaniya ang
mga tanda ng pagka donselya: 15 Kung magkagayo'y ang
ama ng dalaga at ang kaniyang ina ay kukuha at maglalabas
ng mga tanda ng pagka donselya ng dalaga sa harap ng mga
matanda sa bayan, sa pintuang-bayan; 16 At sasabihin ng
ama ng dalaga sa mga matanda, Ibinigay ko ang aking anak
sa lalaking ito na maging asawa at kaniyang kinapootan siya;
17 At, narito, kaniyang binibintangan ng mga kahiyahiyang
bagay, na sinasabi, Hindi ko nasumpungan sa iyong anak
ang mga tanda ng pagka donselya: at gayon ma'y ito ang
mga tanda ng pagka donselya ng aking anak. At kanilang
ilaladlad ang kasuutan sa harap ng matatanda sa bayan. 18
At kukunin ng mga matanda sa bayang yaon ang lalake at
parurusahan siya; 19 At kanilang sisingilin siya ng isang
daang siklong pilak at ibibigay sa ama ng dalaga sapagka't
kaniyang ikinalat ang isang masamang dangal ng isang
donselya sa Israel: at siya'y magiging kaniyang asawa; hindi
niya mapalalayas siya sa lahat ng kaniyang kaarawan. 20
Nguni't kung ang bagay na ito ay totoo na ang mga tanda
ng pagka donselya ay hindi masumpungan sa dalaga; 21
Ay kanila ngang ilalabas ang dalaga sa pintuan ng bahay
ng kaniyang ama, at babatuhin siya ng mga bato, ng mga
lalake sa kaniyang bayan upang siya'y mamatay: sapagka't
nagkasala siya ng kaululan sa Israel, na nagpatutot sa
bahay ng kaniyang ama: gayon mo aalisin ang kasamaan sa
gitna mo. 22 Kung ang isang lalake ay masumpungan, na
sumisiping sa isang babaing may asawa, ay kapuwa nga sila
papatayin, ang lalake na sumiping sa babae, at ang babae:
gayon mo aalisin ang kasamaan sa Israel. 23 Kung ang isang
dalagang magaasawa sa isang lalake, at masumpungan
siya ng isang lalake sa bayan, at sumiping sa kaniya; 24
Ay inyo ngang ilalabas kapuwa sila sa pintuan ng bayang
yaon, at inyong babatuhin sila ng mga bato upang sila'y
mamatay; ang babae, sapagka't di siya sumigaw, ay nasa
bayan; at ang lalake, sapagka't pinangayupapa ang asawa
ng kaniyang kapuwa: gayon mo aalisin ang kasamaan sa
gitna mo. 25 Nguni't kung masumpungan sa parang ng
lalake ang isang dalagang magaasawa, at dahasin ng lalake
siya, at sumiping sa kaniya; ang lalake nga lamang na
sumiping sa kaniya ang papatayin: 26 Nguni't sa babae ay
huwag kang gagawa ng anoman, wala sa babaing yaon ang
anomang kasalanang marapat ikamatay: sapagka't gaya ng
kung ang isang lalake ay bumabangon laban sa kaniyang
kapuwa, at pinapatay niya siya, ay gayon din ang bagay na
ito: 27 Sapagka't nasumpungan niya siya sa parang, ang
dalagang magaasawa ay sumigaw, at walang magligtas sa
kaniya. 28 Kung masumpungan ng isang lalake ang isang
dalagang donselya na hindi pa naipangangako, at ihiga niya
siya, at sipingan niya siya, at sila'y masumpungan; 29 Ang
lalake nga na sumiping sa kaniya ay magbibigay sa ama
ng babae ng limang pung siklong pilak, at siya'y magiging
kaniyang asawa, sapagka't kaniyang pinangayupapa siya;
hindi niya mapalalayas sa lahat ng kaniyang kaarawan. 30
Huwag kukunin ng isang lalake ang asawa ng kaniyang
ama, at huwag ililitaw ang balabal ng kaniyang ama.

**23** Ang nasaktan sa mga iklog, o ang may lihim na
sangkap na putol ng katawan ay hindi makapapasok
sa kapisanan ng Panginoon. 2 Isang anak sa ligaw ay
huwag papasok sa kapisanan ng Panginoon; hanggang
sa ikasangpung salin ng lahi ay walang sa kaniya'y
makapapasok sa kapisanan ng Panginoon. 3 Huwag
papasok ang isang Ammonita o Moabita sa kapulungan
ng Panginoon; hanggang sa ikasangpung salin ng lahi ay
walang nauukol sa kanila na makapapasok magpakailan
man sa kapisanan ng Panginoon: 4 Sapagka't hindi kayo
sinalubong nila ng tinapay at ng tubig sa daan, nang kayo'y
umalis sa Egipto; at sapagka't kanilang inupahan laban sa iyo
si Balaam na anak ni Beor mula sa Pethor ng Mesopotamia
upang sumpain ka. 5 Gayon ma'y hindi dininig ng Panginoon
mong Dios si Balaam; kundi pinapaging pagpapala ng

Panginoon mong Dios, ang sumpa sa iyo; sapagka't iniibig
ka ng Panginoon mong Dios. 6 Huwag mong hahanapin
ang kanilang kapayapaan o ang kanilang ikasusulong sa
lahat ng iyong araw magpakailan man. 7 Huwag mong
kasusuklaman ang Idumeo; sapagka't siya'y iyong kapatid:
huwag mong kasusuklaman ang taga Egipto; sapagka't
ikaw ay nakipamayan sa kaniyang lupain. 8 Ang mga anak
ng ikatlong salin ng lahi nila na ipinanganak sa kanila ay
makapapasok sa kapisanan ng Panginoon. 9 Pagka ikaw
ay lalabas sa kampamento laban sa iyong mga kaaway,
ay magbabawa ka nga sa iyo sa bawa't masamang bagay.
10 Kung magkaroon sa iyo ng sinomang lalake, na hindi
malinis dahil sa anomang nangyari sa kaniya ng kinagabihan,
ay lalabas nga sa kampamento, hindi siya papasok sa
kampamento: 11 Nguni't mangyayari kinahapunan, na siya'y
maliligo sa tubig: at pagka ang araw ay nakalubog na, ay
papasok siya sa kampamento. 12 Ikaw ay magkakaroon
naman, ng isang pook sa labas ng kampamento, na iyong
lalabasan: 13 At ikaw ay magkakaroon din ng isang pala sa
kasamahan ng iyong mga kasangkapan; at mangyayari, na
pagka ikaw ay palilikod sa labas ay huhukay ka, at ikaw ay
babalik at tatabunan mo ang ipinalikod mo: 14 Sapagka't
ang Panginoon mong Dios ay lumalakad sa gitna ng iyong
kampamento, upang iligtas ka, at ibigay ang iyong mga
kaaway sa harap mo; kaya't ang iyong kampamento ay
magiging banal: upang huwag siyang makakita ng anomang
maruming bagay sa iyo, at baka humiwalay sa iyo. 15
Huwag mong ibibigay sa kaniyang panginoon ang isang
aliping nagtanan sa kaniyang panginoon na napasa iyo:
16 Siya'y tatahang kasama mo, sa gitna mo, sa dakong
kaniyang pipiliin sa loob ng isa sa iyong mga pintuang-daan
na kaniyang magalingin: huwag mo siyang pipighatiin. 17
Huwag kang magkakaroon ng masamang babae sa mga
anak ng Israel, ni magkakaroon ng sodomita sa mga anak
ng Israel. 18 Huwag mong dadalhin ang bayad sa isang
masamang babae, o ang kaupahan sa isang aso, sa bahay
ng Panginoon mong Dios sa anomang panata: sapagka't
ang mga ito ay kapuwa karumaldumal sa Panginoon mong
Dios. 19 Huwag kang magpapahiram na may tubo sa iyong
kapatid; tubo ng salapi, tubo ng kakanin, tubo ng anomang
bagay na ipinahihiram na may tubo: 20 Sa isang taga ibang
lupa ay makapagpapahiram ka na may tubo; nguni't sa
iyong kapatid ay huwag kang magpapahiram na may tubo:
upang pagpalain ka ng Panginoon mong Dios sa lahat ng
pagpapatungan mo ng iyong kamay, sa lupain na iyong
pinapasok upang ariin. 21 Pagka ikaw ay magpapanata
ng isang panata sa Panginoon mong Dios, ay huwag
kang magluluwat ng pagtupad: sapagka't walang pagsalang
uusisain sa iyo ng Panginoon mong Dios; at magiging
kasalanan sa iyo. 22 Nguni't kung ikaw ay magbawang
manata, ay hindi magiging kasalanan, sa iyo: 23 Ang nabuka
sa iyong mga labi ay iyong gaganapin at gagawin; ayon sa
iyong ipinanata sa Panginoon mong Dios, na isang kusang
handog, na ipinangako mo ng iyong bibig. 24 Pagka ikaw ay
pumasok sa ubasan ng iyong kapuwa, ay makakakain ka
nga ng mga ubas sa iyong kagustuhan hanggang sa ikaw ay
mabusog; nguni't huwag kang maglalagay sa iyong sisidlan.
25 Pagka ikaw ay pumasok sa nangakatayong trigo ng iyong
kapuwa, ay makikitil mo nga ng iyong kamay ang mga uhay;
nguni't huwag mong gagalawin ng karit ang nakatayong trigo
ng iyong kapuwa.

**24** Pagka ang isang lalake ay kumuha ng isang babae
at pinakasalan, ay mangyayari nga, na kung ang
babae ay hindi kalugdan ng kaniyang mga mata, sapagka't
kinasumpungan niya ng isang kahiyahiyang bagay, ay
lalagda siya ng isang kasulatan ng paghihiwalay, at ibibigay
niya sa kaniyang kamay, at papagpapaalamin niya siya sa
kaniyang bahay. 2 At pagkaalis niya sa bahay ng lalake, ay
makayayaon siya at makapagaasawa sa ibang lalake. 3
At kung kapootan siya ng huling asawa, at lagdaan siya
ng isang kasulatan ng paghihiwalay, at ibigay sa kaniyang
kamay, at papagpaalamin siya sa kaniyang bahay; o kung
mamatay ang huling asawa, na kumuha sa kaniya upang
maging asawa niya; 4 Hindi na siya makukuhang muling
maging asawa ng kaniyang unang asawa na humiwalay
sa kaniya, pagkatapos na kaniyang mapangayupapa siya;
sapagka't yao'y karumaldumal sa harap ng Panginoon: at
huwag mong papagkakasalahin ang lupain na ibinibigay
na pinakamana sa iyo ng Panginoon mong Dios. 5 Pagka
ang isang lalake ay bagong kasal, ay huwag lalabas na
sasama sa hukbo ni mamamahala ng anomang katungkulan;
siya'y magiging laya sa bahay na isang taon at kaniyang
pasasayahin ang kaniyang asawa na kaniyang kinuha. 6
Walang taong kukuha ng gilingan o ng batong nasa itaas
ng gilingan na pinakasangla: sapagka't parang kaniyang
kinuhang pinakasangla ang buhay ng tao. 7 Kung ang
sinoman ay masumpungang nagnanakaw ng sinoman sa
kaniyang mga kapatid, sa mga anak ni Israel, at kaniyang
inalipin siya, o ipinagbili siya; ang magnanakaw ngang yaon
ay papatayin: gayon mo aalisin ang kasamaan sa gitna
mo. 8 Magingat ka sa salot na ketong, na iyong isagawang
masikap at gawin ang ayon sa lahat na ituturo sa iyo ng
mga saserdote na mga Levita: kung paanong iniutos ko sa
kanila ay gayon mo isasagawa. 9 Alalahanin mo ang ginawa
ng Panginoon mong Dios kay Miriam sa daan nang kayo'y
lumalabas sa Egipto. 10 Pagka ikaw ay magpapahiram sa
iyong kapuwa ng anomang bagay na hiram, ay huwag kang
papasok sa kaniyang bahay upang kumuha ng kaniyang

sangla. 11 Ikaw ay tatayo sa labas, at ang taong iyong
pinahihiram ay maglalabas ng sangla sa iyo. 12 At kung
siya'y taong mahirap ay huwag kang matutulog na may
sangla niya: 13 Iyo ngang isasauli sa kaniya ang sangla
paglubog ng araw, upang siya'y matulog sa kaniyang damit,
at pagpalain ka: at magiging katuwiran mo sa harap ng
Panginoon mong Dios. 14 Huwag mong pipighatiin ang isang
nagpapaupang dukha at salat, maging siya'y sa iyong mga
kapatid, o sa mga iyong taga ibang bayan na nangasa iyong
bayan sa loob ng iyong mga pintuang-daan: 15 Sa kaniyang
kaarawan ay ibibigay mo sa kaniya ang kaniyang kaupahan,
ni huwag lulubugan ng araw (sapagka't siya'y mahirap, at
siyang inaasahan ng kaniyang puso); baka siya'y dumaing
sa Panginoon laban sa iyo at maging kasalanan sa iyo. 16
Hindi papatayin ang mga magulang dahil sa mga anak, ni
ang mga anak ay papatayin dahil sa mga magulang; bawa't
tao'y papatayin dahil sa kaniyang sariling kasalanan. 17
Huwag mong ililiko ang matuwid ng taga ibang bayan, ni ng
ulila; ni huwag mong kukuning sangla ang damit ng babaing
bao: 18 Kundi aalalahanin mo na ikaw ay naging alipin sa
Egipto, at tinubos ka ng Panginoon mong Dios mula roon:
kaya't iniuutos ko sa iyong gawin mo ang bagay na ito. 19
Pagka iyong aanihin ang iyong ani sa bukid, at nakalimot ka
ng isang bigkis sa bukid, ay huwag mong pagbabalikang
kunin: magiging sa taga ibang lupa, sa ulila, at sa babaing
bao: upang pagpalain ka ng Panginoon mong Dios sa lahat
ng gawa ng iyong mga kamay. 20 Pagka iyong papaspasan
ang iyong puno ng olibo, ay huwag mong pagbabalikan ang
mga nalagpasan; magiging sa taga ibang bayan, sa ulila,
at sa babaing bao. 21 Pagka ikaw ay namimitas sa iyong
ubasan, ay huwag mong pupulutin ang nasa likuran mo;
magiging sa taga ibang bayan, sa ulila, at sa babaing bao.
22 At iyong aalalahanin na naging alipin ka sa lupain ng
Egipto: kaya't iniuutos ko sa iyong gawin ang bagay na ito.

**25** Kung magkaroon ng pagkakaalit ang mga tao, at sila'y
dumating sa hukuman, at sila'y hatulan ng mga hukom;
ay kanila ngang mamatuwirin ang may matuwid at hahatulan
ang salarin: 2 At mangyayari, na kung ang salarin ay marapat
paluin, ay padadapain siya ng hukom sa lupa, at papaluin sa
kaniyang harap, ayon sa kaniyang sala na may bilang, 3
Apat na pung palo ang maibibigay niya sa kaniya, huwag
niyang lalagpasan: baka kung siya'y lumagpas, at paluin
niya ng higit sa mga ito ng maraming palo, ay maging hamak
nga sa iyo ang iyong kapatid. 4 Huwag mong lalagyan ng
pugong ang baka pagka gumigiik. 5 Kung ang magkapatid
ay tumahang magkasama, at isa sa kanila'y mamatay, at
walang anak, ang asawa ng patay ay huwag magaasawa ng
iba sa labas: ang kapatid ng kaniyang asawa ay sisiping sa
kaniya, at kukunin siya niyang asawa, at tutuparin sa kaniya
ang tungkulin ng pagkakapatid ng asawa. 6 At mangyayari,
na ang panganay na kaniyang ipanganganak ay hahalili
sa pangalan ng kaniyang kapatid na namatay, upang ang
kaniyang pangalan ay huwag mapawi sa Israel. 7 At kung
ayaw kunin ng lalake ang asawa ng kaniyang kapatid, ay
sasampa nga ang asawa ng kaniyang kapatid sa pintuang-
bayan sa mga matanda, at sasabihin, Ang kapatid ng aking
asawa ay tumatangging itindig ang pangalan ng kaniyang
kapatid sa Israel; ayaw niyang tuparin sa akin ang tungkulin
ng pagkakapatid ng asawa. 8 Kung magkagayo'y tatawagin
siya ng mga matanda sa kaniyang bayan at pangungusapan
siya: at kung siya'y tumayo at sabihin niya, Ayaw kong kunin
siya; 9 Ang asawa nga ng kapatid ay paroroon sa kaniya sa
harap ng mga matanda at huhubarin ang panyapak niya
sa kaniyang mga paa, at luluran siya sa mukha; at siya'y
sasagot at sasabihin, Ganyan ang gagawin sa lalake, na
ayaw magtayo ng sangbahayan ng kaniyang kapatid. 10
At ang kaniyang pangala'y tatawagin sa Israel, Ang bahay
ng hinubaran ng panyapak. 11 Pag may dalawang lalaking
nag-away, at ang asawa ng isa ay lumapit upang iligtas
ang kaniyang asawa sa kamay ng nananakit sa kaniya,
at iniunat niya ang kaniyang kamay at hinawakan niya
ang mga sangkap na lihim: 12 Ay iyo ngang puputulin ang
kaniyang kamay; ang iyong mata'y huwag manghihinayang.
13 Huwag kang magkakaroon sa iyong supot ng iba't ibang
panimbang, ng isang malaki at ng isang maliit. 14 Huwag
kang magkakaroon sa iyong bahay ng iba't ibang takalan, ng
isang malaki at ng isang maliit. 15 Isang tunay at tapat na
takalan magkakaroon ka; isang tunay at tapat na takalan
magkakaroon ka: upang ang iyong mga araw ay tumagal sa
ibabaw ng lupaing ibinibigay sa iyo ng Panginoon mong
Dios. 16 Sapagka't yaong lahat na gumagawa ng gayong
mga bagay, sa makatuwid baga'y yaong lahat ng gumagawa
ng di matuwid ay kasuklamsuklam sa Panginoon mong Dios.
17 Alalahanin mo ang ginawa sa iyo ng Amalec sa daan nang
ikaw ay lumabas sa Egipto; 18 Na kung paanong sinalubong
ka niya sa daan, at sinaktan niya ang mga kahulihulihan sa
iyo, yaong lahat na mahina sa hulihan mo, nang ikaw ay
pagod at pagal; at siya'y hindi natakot sa Dios. 19 Kaya't
mangyayari, na pagka binigyan ka ng Panginoon mong Dios
ng kapahingahan sa lahat ng iyong mga kaaway sa palibot,
sa lupain na ibinibigay sa iyo ng Panginoon mong Dios na
pinakamana upang ariin, ay iyong papawiin ang pagalaala
sa Amalec sa silong ng langit; huwag mong lilimutin.

**26** At mangyayari, pagka nakapasok ka sa lupain
na ibinibigay sa iyo ng Panginoon mong Dios na
pinakamana, at iyong inaari, at iyong tinatahanan; 2 Na
iyong kukunin ang mga una sa lahat ng bunga ng lupain,
na iyong mga pipitasin sa lupain na ibinibigay sa iyo ng

Panginoon mong Dios: at iyong isisilid sa isang buslo, at ikaw
ay paroroon sa dakong pipiliin ng Panginoon mong Dios, na
patatahanan sa kaniyang pangalan: 3 At paroroon ka sa
saserdote sa mga araw na yaon, at sasabihin mo sa kaniya,
Aking ipinahahayag sa araw na ito sa Panginoon mong Dios,
na ako'y nasok sa lupain na isinumpa ng Panginoon sa
aming mga magulang, upang ibigay sa amin. 4 At kukunin ng
saserdote ang buslo sa iyong kamay at ilalagay sa harap ng
dambana ng Panginoon mong Dios. 5 At ikaw ay sasagot,
at magsasabi sa harap ng Panginoon mong Dios, Isang
taga Siria na kamunti nang mamatay ang aking ama; siyang
bumaba sa Egipto, at nakipamayan doon, na kaunti sa bilang;
at doo'y naging isang bansang malaki, makapangyarihan, at
makapal: 6 At kami ay tinampalasan ng mga taga Egipto,
at pinighati kami at inatangan kami ng isang mabigat na
pagkaalipin: 7 At kami ay dumaing sa Panginoon, sa Dios
ng aming mga magulang at dininig ng Panginoon ang aming
tinig, at nakita ang aming kadalamhatian, at ang aming gawa,
at ang aming kapighatian; 8 At inilabas kami ng Panginoon
sa Egipto ng kamay na makapangyarihan, at ng unat na
bisig, at ng malaking kakilabutan, at ng mga tanda, at ng
mga kababalaghan: 9 At kaniyang dinala kami sa lupaing
ito, at ibinigay sa amin ang lupaing binubukalan ng gatas at
pulot. 10 At ngayon, narito, aking dala ang mga una sa bunga
ng lupa, na ibinigay mo sa akin, Oh Panginoon. At iyong
ilalapag sa harap ng Panginoon mong Dios, at sasamba
ka sa harap ng Panginoon mong Dios: 11 At magagalak
ka sa lahat ng magaling na ibinigay sa iyo ng Panginoon
mong Dios, at sa iyong sangbahayan, ikaw, at ang Levita,
at ang taga ibang lupa na nasa gitna mo. 12 Pagkatapos
mo ng pagbibigay ng buong ikasangpung bahagi ng iyong
pakinabang sa ikatlong taon, na siyang taon ng pagbibigay
ng ikasangpung bahagi, ay magbibigay ka nga rin sa Levita,
sa taga ibang lupa, sa ulila, at sa babaing bao, upang sila'y
makakain sa loob ng iyong mga pintuang-daan, at mabusog;
13 At iyong sasabihin sa harap ng Panginoon mong Dios,
Aking inalis ang mga pinapaging banal na bagay sa aking
bahay, at akin ding ibinigay sa Levita, at sa taga ibang lupa,
sa ulila at sa babaing bao, ayon sa iyong madlang utos na
iyong iniutos sa akin: hindi ko sinalangsang ang anoman
sa iyong mga utos, ni kinalimutan ko: 14 Hindi ko kinain
sa aking pagluluksa, ni inilabas ko nang ako'y marumi, ni
ibinigay ko upang gamitin sa patay: aking dininig ang tinig ng
Panginoon kong Dios; aking ginawa ayon sa buong iniutos
mo sa akin. 15 Tumungo ka mula sa iyong banal na tahanan,
mula sa langit, at pagpalain mo ang iyong bayang Israel, at
ang lupa na iyong ibinigay sa amin, gaya ng iyong isinumpa
sa aming mga magulang, na isang lupang binubukalan ng
gatas at pulot. 16 Sa araw na ito ay iniuutos sa iyo ng
Panginoon mong Dios, na tuparin mo ang mga palatuntunan
at mga hatol na ito: iyo ngang gaganapin at tutuparin ng
iyong buong puso, at ng iyong buong kaluluwa. 17 Iyong
ipinahayag sa araw na ito na ang Panginoo'y iyong Dios, at
ikaw ay lalakad sa kaniyang mga daan, at iyong gaganapin
ang kaniyang mga palatuntunan, at ang kaniyang mga utos,
at ang kaniyang mga hatol, at iyong didinggin ang kaniyang
tinig: 18 At inihayag ka ng Panginoon sa araw na ito, na
maging isang bayan sa kaniyang sariling pag-aari, gaya
ng ipinangako niya sa iyo, upang iyong ganapin ang lahat
ng kaniyang utos; 19 At upang itaas ka sa lahat ng bansa
na kaniyang nilikha, sa ikapupuri, at sa ikababantog, at sa
ikararangal; at upang ikaw ay maging isang banal na bayan
sa Panginoon mong Dios, gaya ng kaniyang sinabi.

**27** At si Moises at ang mga matanda sa Israel ay nagutos
sa bayan, na sinasabi, Ganapin mo ang lahat ng utos
na iniuutos ko sa iyo sa araw na ito. 2 At mangyayaring sa
araw na iyong tatawirin ang Jordan na patungo sa lupain na
ibinibigay sa iyo ng Panginoon mong Dios, ay maglalagay
ka ng malalaking bato, at iyong tatapalan ng argamasa; 3
At iyong isusulat sa mga ito ang lahat ng mga salita ng
kautusang ito, pagka iyong naraanan; upang iyong mapasok
ang lupain na ibinibigay sa iyo ng Panginoon mong Dios,
na isang lupaing binubukalan ng gatas at pulot, na gaya
ng ipinangako sa iyo ng Panginoon, ng Dios ng iyong mga
magulang. 4 At mangyayari na pagtawid mo ng Jordan, na
iyong ilalagay ang mga batong ito, na iniuutos ko sa iyo
sa araw na ito, sa bundok ng Ebal, at iyong tatapalan ng
argamasa. 5 At doo'y magtatayo ka ng isang dambana sa
Panginoon mong Dios, ng isang dambana na mga bato;
huwag mong pagbubuhatan ang mga ito ng kasangkapang
bakal. 6 Iyong itatayo na buong bato ang dambana ng
Panginoon mong Dios, at maghahandog ka roon ng mga
handog na susunugin, sa Panginoon mong Dios. 7 At ikaw
ay maghahain ng mga handog tungkol sa kapayapaan, at
iyong kakanin doon; at ikaw ay magagalak sa harap ng
Panginoon mong Dios; 8 At iyong isusulat na malinaw sa
mga batong yaon, ang lahat ng mga salita ng kautusang ito.
9 At si Moises at ang mga saserdote na ang mga Levita
ay nagsalita sa buong Israel, na sinasabi, Tumahimik ka at
dinggin mo, Oh Israel; sa araw na ito ay naging bayan ka ng
Panginoon mong Dios. 10 Iyo ngang susundin ang tinig ng
Panginoon mong Dios, at tutuparin mo ang kaniyang mga
utos at ang kaniyang mga palatuntunan na aking iniuutos sa
iyo sa araw na ito. 11 At ibinilin ni Moises sa bayan nang
araw ding yaon, na sinasabi, 12 Ang mga ito'y tatayo sa
ibabaw ng bundok ng Gerizim, upang basbasan ang bayan,
pagka inyong naraanan na ang Jordan; ang Simeon, at
ang Levi, at ang Juda, at ang Issachar at ang Jose, at ang

Benjamin: 13 At ang mga ito'y tatayo sa ibabaw ng bundok
ng Ebal upang sumumpa; ang Ruben, ang Gad, at ang Aser,
at ang Zabulon, ang Dan, at ang Nephtali. 14 At ang mga
Levita ay sasagot, at magsasabi ng malakas na tinig sa lahat
ng mga lalake sa Israel. 15 Sumpain ang taong gumagawa
ng larawang inanyuan o binubo, bagay na karumaldumal sa
Panginoon, na gawa ng mga kamay ng manggagawa, at
inilagay sa dakong lihim. At ang buong bayan ay sasagot
at magsasabi, Siya nawa. 16 Sumpain yaong sumira ng
puri sa kaniyang ama o sa kaniyang ina. At ang buong
bayan ay magsasabi, Siya nawa. 17 Sumpain yaong bumago
ng muhon ng kaniyang kapuwa. At ang buong bayan ay
magsasabi, Siya nawa. 18 Sumpain yaong magligaw ng
bulag sa daan. At ang buong bayan ay magsasabi, Siya
nawa. 19 Sumpain yaong magliko ng matuwid ng taga ibang
bayan, ng ulila at ng babaing bao. At ang buong bayan
ay magsasabi, Siya nawa. 20 Sumpain yaong sumiping
sa asawa ng kaniyang ama; sapagka't kaniyang inilitaw
ang balabal ng kaniyang ama. At ang buong bayan ay
magsasabi, Siya nawa. 21 Sumpain yaong sumiping sa
alinmang hayop. At ang buong bayan ay magsasabi, Siya
nawa. 22 Sumpain yaong sumiping sa kaniyang kapatid na
babae, sa anak ng kaniyang ama, o sa anak na babae ng
kaniyang ina. At ang buong bayan ay magsasabi, Siya nawa.
23 Sumpain yaong sumiping sa kaniyang biyanan. At ang
buong bayan ay magsasabi, Siya nawa. 24 Sumpain yaong
sumakit ng lihim sa kaniyang kapuwa. At ang buong bayan
ay magsasabi, Siya nawa. 25 Sumpain yaong tumanggap ng
suhol upang pumatay ng isang taong walang sala. At ang
buong bayan ay magsasabi, Siya nawa. 26 Sumpain yaong
hindi umayon sa mga salita ng kautusang ito upang gawin.
At ang buong bayan ay magsasabi, Siya nawa.

**28** At mangyayaring kung iyong didingging masikap ang
tinig ng Panginoon mong Dios, upang isagawa ang
lahat niyang utos na aking iniuutos sa iyo sa araw na ito, ay
itataas ka ng Panginoon mong Dios sa lahat ng mga bansa
sa lupa: 2 At ang lahat ng pagpapalang ito ay darating sa iyo
at aabot sa iyo, kung iyong didinggin ang tinig ng Panginoon
mong Dios. 3 Magiging mapalad ka sa bayan, at magiging
mapalad ka sa parang. 4 Magiging mapalad ang bunga ng
iyong katawan, at ang bunga ng iyong lupa, at ang bunga ng
iyong mga hayop, ang karagdagan sa iyong bakahan at
ang mga anak ng iyong kawan. 5 Magiging mapalad ang
iyong buslo at ang iyong palayok. 6 Magiging mapalad ka sa
iyong pagpasok, at magiging mapalad ka sa iyong paglabas.
7 Pasasaktan ng Panginoon sa harap mo ang iyong mga
kaaway na nagbabangon laban sa iyo: sila'y lalabas laban
sa iyo sa isang daan at tatakas sa harap mo sa pitong daan.
8 Igagawad sa iyo ng Panginoon ang kaniyang pagpapala sa
iyong mga kamalig, at sa lahat ng pagpatungan mo ng iyong
kamay at pagpapalain ka niya sa lupain na ibinibigay sa
iyo ng Panginoon mong Dios. 9 Itatatag ka ng Panginoon
na isang banal na bayan sa kaniya, gaya ng kaniyang
isinumpa sa iyo; kung iyong gaganapin ang mga utos ng
Panginoon mong Dios, at lalakad ka sa kaniyang mga daan.
10 At makikita ng lahat ng mga bayan sa lupa, na ikaw
ay tinawag sa pamamagitan ng pangalan ng Panginoon
at sila'y matatakot sa iyo. 11 At ikaw ay pasasaganain ng
Panginoon, sa ikabubuti mo, sa bunga ng iyong katawan,
at sa bunga ng iyong mga hayop, at sa bunga ng iyong
lupa, sa lupain na isinumpa ng Panginoon sa iyong mga
magulang upang ibigay sa iyo. 12 Bubuksan ng Panginoon
sa iyo ang kaniyang mabuting kayamanan, ang langit, upang
ibigay ang ulan sa iyong lupain sa kapanahunan, at upang
pagpalain ang buong gawa ng iyong kamay; at ikaw ay
magpapahiram sa maraming bansa, at ikaw ay hindi hihiram.
13 At gagawin ka ng Panginoon na ulo at hindi buntot, at ikaw
ay magiging sa ibabaw lamang, at hindi ka mapapasailalim;
kung iyong didinggin ang mga utos ng Panginoon mong
Dios, na aking iniuutos sa iyo sa araw na ito, na iyong sundin
at gawin; 14 At huwag kang lilihis sa anoman sa mga salita
na aking iniuutos sa inyo sa araw na ito, sa kanan o sa
kaliwa, upang sumunod sa ibang mga dios na paglilingkuran
sila. 15 Nguni't mangyayari, na kung hindi mo didinggin ang
tinig ng Panginoon mong Dios, na isasagawa ang lahat ng
kaniyang mga utos at ang kaniyang palatuntunan na aking
iniuutos sa iyo sa araw na ito, na ang lahat ng sumpang
ito ay darating sa iyo at aabot sa iyo. 16 Susumpain ka sa
bayan, at susumpain ka sa parang. 17 Susumpain ang iyong
buslo at ang iyong palayok. 18 Susumpain ang bunga ng
iyong katawan, at ang bunga ng iyong lupa, ang karagdagan
ng iyong bakahan at ang mga anak ng iyong kawan. 19
Susumpain ka sa iyong pagpasok, at susumpain ka sa iyong
paglabas. 20 Ibubugso ng Panginoon sa iyo ang sumpa,
ang kalituhan, at ang saway, sa lahat ng pagpapatungan
ng iyong kamay na iyong gagawin, hanggang sa ikaw ay
mabuwal, at hanggang sa ikaw ay malipol na madali; dahil
sa kasamaan ng iyong mga gawa, na sa gayo'y pinabayaan
mo ako. 21 Ikakapit sa iyo ng Panginoon ang salot hanggang
sa maubos ka sa lupa, na iyong pinapasok upang ariin. 22
Sasalutin ka ng Panginoon ng sakit na tuyo, at ng lagnat, at
ng pamamaga, at ng nagaapoy na init, at ng tabak, at ng
salot ng hangin, at ng sakit sa pagani; at kanilang hahabulin
ka hanggang sa ikaw ay malipol. 23 At ang iyong langit na
nasa itaas ng iyong ulo, ay magiging tanso, at ang lupa
na nasa ilalim mo ay magiging bakal. 24 Ang ipauulan ng
Panginoon sa iyong lupa ay abo at alabok; mula sa langit ay
bababa sa iyo, hanggang sa ikaw ay magiba. 25 Pasasaktan

ka ng Panginoon sa harap ng iyong mga kaaway; ikaw ay
lalabas sa isang daan laban sa kanila, at tatakas sa pitong
daan sa harap nila: at ikaw ay papagpaparoo't parituhin sa
lahat ng mga kaharian sa lupa. 26 At ang iyong bangkay ay
magiging pagkain sa lahat ng mga ibon sa himpapawid, at
sa mga hayop sa lupa; at walang taong bubugaw sa kanila.
27 Sasalutin ka ng Panginoon ng bukol sa Egipto, at ng mga
grano, at ng kati, at ng galis, na hindi mapagagaling. 28
Sasaktan ka ng Panginoon ng pagkaulol, at ng pagkabulag,
at ng pagkagulat ng puso; 29 At ikaw ay magaapuhap sa
katanghaliang tapat na gaya ng bulag na nagaapuhap sa
kadiliman, at hindi ka giginhawa sa iyong mga lakad: at
ikaw ay mapipighati at sasamsaman kailan man, at walang
taong magliligtas sa iyo. 30 Ikaw ay magaasawa, at ibang
lalake ang sisiping sa kaniya: ikaw ay magtatayo ng isang
bahay, at hindi mo tatahanan: ikaw ay maguubasan, at
hindi mo mapapakinabangan ang bunga niyaon. 31 Ang
iyong baka ay papatayin sa harap ng iyong mga mata, at
hindi mo makakain yaon; ang iyong asno ay aagawin sa
harap ng iyong mukha, at hindi na masasauli sa iyo: ang
iyong tupa ay mabibigay sa iyong mga kaaway, at walang
magliligtas sa iyo. 32 Ang iyong mga anak na lalake at babae
ay magbibigay sa ibang bayan; at ang iyong mga mata ay
titingin, at mangangalay ng paghihintay sa kanila sa buong
araw: at ang iyong kamay ay walang magagawa. 33 Ang
bunga ng iyong lupa, at lahat ng iyong gawa ay kakanin ng
bansang di mo nakikilala; at ikaw ay mapipighati at magigipit
na palagi: 34 Na anopa't ikaw ay mauulol dahil sa makikita ng
paningin ng iyong mga mata. 35 Sasaktan ka ng Panginoon
sa mga tuhod at sa mga hita, ng isang masamang bukol
na hindi mo mapagagaling, mula sa talampakan ng iyong
paa hanggang sa bao ng iyong ulo. 36 Dadalhin ka ng
Panginoon, at ang iyong haring ilalagay mo sa iyo, sa isang
bansang hindi mo nakilala, ninyo ng iyong mga magulang at
doo'y maglilingkod ka sa ibang mga dios, na kahoy at bato.
37 At ikaw ay magiging isang kamanghaan, isang kawikaan,
at isang kabiruan sa lahat ng bayang pagdadalhan sa iyo ng
Panginoon. 38 Kukuha ka ng maraming binhi sa bukid, at
kaunti ang iyong titipunin; sapagka't uubusin ng balang. 39
Ikaw ay maguubasan at iyong aalagaan, nguni't ni hindi ka
iinom ng alak, ni mamimitas ng ubas; sapagka't kakanin
yaon ng uod. 40 Magkakaroon ka ng mga puno ng olibo sa
lahat ng iyong mga hangganan, nguni't hindi ka magpapahid
ng langis; sapagka't ang iyong olibo ay malalagasan ng
buko. 41 Ikaw ay magkakaanak ng mga lalake at mga babae,
nguni't sila'y hindi magiging iyo; sapagka't sila'y yayaon sa
pagkabihag. 42 Lahat ng iyong puno ng kahoy at bunga ng
iyong lupa ay aariin ng balang. 43 Ang taga ibang lupa na
nasa gitna mo ay tataas ng higit at higit sa iyo, at ikaw ay
pababa ng pababa ng pababa. 44 Siya'y magpapahiram sa
iyo, at ikaw ay hindi makapagpapahiram sa kaniya: siya'y
magiging ulo, at ikaw ay magiging buntot. 45 At lahat ng mga
sumpang ito ay darating sa iyo at hahabulin ka, at aabutan
ka, hanggang sa magiba ka; sapagka't hindi mo dininig ang
tinig ng Panginoon mong Dios, upang tuparin ang kaniyang
mga utos at ang kaniyang mga palatuntunan na kaniyang
iniutos sa iyo: 46 At ang mga yao'y magiging isang tanda at
isang kababalaghan sa iyo, at sa iyong lahi magpakailan
man: 47 Sapagka't hindi ka naglingkod sa Panginoon mong
Dios na may kagalakan, at may kasayahan ng puso, dahil sa
kasaganaan ng lahat ng mga bagay: 48 Kaya't maglilingkod
ka sa iyong mga kaaway na susuguin ng Panginoon laban sa
iyo, na may gutom, at uhaw, at kahubaran, at sa kakulangan
ng lahat ng mga bagay: at lalagyan ka niya ng isang pamatok
na bakal sa iyong leeg hanggang sa maibuwal ka niya.
49 Magdadala ang Panginoon ng isang bansang laban sa
iyo mula sa malayo, mula sa katapusan ng lupa, na gaya
ng lumilipad ang aguila; isang bansang ang wika'y hindi
mo nababatid; 50 Bansang mukhang mabangis, na hindi
igagalang ang pagkatao ng matanda, ni magpapakundangan
sa bata: 51 At kaniyang kakanin ang anak ng iyong hayop at
ang bunga ng iyong lupa, hanggang sa maibuwal ka; na wala
ring matitira sa iyong trigo, alak, o langis, ng karagdagan ng
iyong bakahan, o ng anak ng iyong kawan, hanggang sa
ikaw ay maipalipol. 52 At kaniyang kukubkubin ka sa lahat ng
iyong mga pintuang-daan, hanggang sa ang iyong mataas
at nakababakod na kuta ay malagpak, na siyang iyong
inaasahan, sa iyong buong lupain; at kaniyang kukubkubin ka
sa lahat ng iyong mga pintuang-bayan sa iyong buong lupain,
na ibinibigay sa iyo ng Panginoon mong Dios. 53 At kakain ka
ng bunga ng iyong sariling katawan, ng laman ng iyong mga
anak na lalake at babae, na ibinigay sa iyo ng Panginoon
mong Dios, sa pagkakubkob at sa kagipitan, na igigipit sa
iyo ng iyong mga kaaway. 54 Ang lalaking mahabagin sa
gitna mo, at totoong maramdamin, ay magiging masama
ang kaniyang mata sa kaniyang kapatid, at sa asawa ng
kaniyang sinapupunan, at sa labis sa kaniyang mga anak
na ititira: 55 Na anopa't hindi niya ibibigay sa kaninoman
sa kanila ang laman ng kaniyang mga anak na kaniyang
kakanin, sapagka't walang natira sa kaniya, sa pagkubkob
at sa kagipitan na igigipit sa iyo ng iyong mga kaaway sa
lahat ng iyong mga pintuang-bayan. 56 Ang mahabagin at
maramdaming babae sa gitna mo, na hindi pa natitikmang
itungtong ang talampakan ng kaniyang paa sa lupa dahil
sa kahinhinan at pagkamahabagin, ay magiging masama
ang kaniyang mata sa asawa ng kaniyang sinapupunan, at
sa kaniyang anak na lalake, at babae; 57 At sa kaniyang
sanggol na lumalabas sa pagitan ng kaniyang mga paa at sa

kaniyang mga anak na kaniyang ipanganganak; sapagka't
kaniyang kakanin ng lihim sila dahil sa kakulangan ng lahat
ng mga bagay, sa pagkubkob at sa kagipitan, na igigipit sa
iyo ng iyong mga kaaway sa iyong mga pintuang-bayan.
58 Kung hindi mo isasagawa ang lahat ng mga salita ng
kautusang ito na nasusulat sa aklat na ito, upang ikaw ay
matakot dito sa maluwalhati at kakilakilabot na pangalang,
Ang Panginoon Mong Dios. 59 Kung magkagayo'y gagawin
ng Panginoon na kamanghamangha ang salot sa iyo, at ang
salot sa iyong binhi, malaking salot, at totoong malaon, at
kakilakilabot na sakit, at totoong malaon. 60 At kaniyang
pararatingin uli sa iyo ang lahat ng mga sakit sa Egipto,
na iyong kinatakutan at kakapit sa iyo. 61 Bawa't sakit
din naman, at bawa't salot, na hindi nasusulat sa aklat
ng kautusang ito'y pararatingin nga sa iyo ng Panginoon,
hanggang sa ikaw ay maibuwal. 62 At kayo'y malalabing
kaunti sa bilang, pagkatapos na kayo'y naging gaya ng mga
bituin sa langit sa karamihan; sapagka't hindi ninyo dininig
ang tinig ng Panginoon mong Dios. 63 At mangyayari, na
kung paanong ang Panginoon ay nagagalak sa inyo na gawin
kayong mabuti at paramihin kayo: ay gayon magagalak ang
Panginoon sa inyo na ipalipol kayo, at ibuwal kayo; at kayo'y
palalayasin sa lupa na inyong pinapasok upang ariin. 64 At
pangangalatin ka ng Panginoon sa lahat ng mga bayan,
mula sa isang dulo ng lupa hanggang sa kabilang dulo ng
lupa; at doo'y maglilingkod ka sa ibang mga dios, na hindi
mo nakilala, ninyo ng inyong mga magulang, sa makatuwid
baga'y sa mga dios na kahoy at bato. 65 At sa gitna ng mga
bansang ito ay hindi ka makakasumpong ng ginhawa, at
mawawalan ng kapahingahan ang talampakan ng iyong paa:
kundi bibigyan ka ng Panginoon doon ng sikdo ng puso,
at pangangalumata, at panglalambot ng kaluluwa: 66 At
ang iyong buhay ay mabibitin sa pagaalinglangan sa harap
mo; at ikaw ay matatakot gabi't araw, at mawawalan ng
katiwalaan ang iyong buhay. 67 Sa kinaumagaha'y iyong
sasabihin, Kahi manawari ay gumabi na! at sa kinagabiha'y
iyong sasabihin, Kahi manawari ay umumaga na! dahil sa
takot ng iyong puso na iyong ikatatakot, at dahil sa paningin
ng iyong mga mata na iyong ikakikita. 68 At pababalikin ka
ng Panginoon sa Egipto sa pamamagitan ng sasakyan, sa
daan na aking sinabi sa iyo, Hindi mo na uli makikita; at
doo'y pabibili kayo sa inyong mga kaaway na pinaka aliping
lalake, at babae, at walang taong bibili sa inyo.

**29** Ito ang mga salita ng tipan na iniutos ng Panginoon kay
Moises na gawin sa mga anak ni Israel sa lupain ng
Moab, bukod sa tipang kaniyang ginawa sa kanila sa Horeb.
2 At tinawag ni Moises ang buong Israel, at sinabi sa kanila,
Inyong nakita yaong lahat na ginawa ng Panginoon sa harap
ng inyong mga mata sa lupain ng Egipto, kay Faraon at
sa lahat ng kaniyang lingkod at kaniyang buong lupain; 3
Ang mga dakilang tukso na nakita ng iyong mga mata, ang
mga tanda, at yaong mga dakilang kababalaghan: 4 Nguni't
hindi kayo binigyan ng Panginoon ng pusong ikakikilala at
ng mga matang ikakikita, at ng mga pakinig na ikaririnig,
hanggang sa araw na ito. 5 At aking pinatnubayan kayong
apat na pung taon sa ilang: ang inyong mga damit ay hindi
naluma sa inyo, at ang iyong panyapak ay hindi naluma sa
iyong paa. 6 Hindi kayo kumain ng tinapay, ni uminom ng
alak o inuming nakalalasing: upang inyong makilala na ako
ang Panginoon ninyong Dios. 7 At nang kayo'y dumating sa
dakong ito, ay lumabas si Sehon na hari sa Hesbon at si
Og na hari sa Basan, laban sa atin sa pakikibaka, at ating
sinugatan sila; 8 At ating sinakop ang kanilang lupain at
ating ibinigay na pinaka mana sa mga Rubenita, at sa mga
Gadita, at sa kalahating lipi ni Manases. 9 Ganapin nga
ninyo ang mga salita ng tipang ito, at inyong gawin, upang
kayo'y guminhawa sa lahat ng inyong ginagawa. 10 Kayo'y
tumatayong lahat sa araw na ito, sa harap ng Panginoon
ninyong Dios; ang inyong mga pangulo, ang inyong mga
lipi, ang inyong mga matanda, at ang inyong mga puno, sa
makatuwid baga'y lahat ng mga lalake sa Israel, 11 Ang
inyong mga bata, ang inyong mga asawa at ang iyong taga
ibang lupa na nasa gitna ng iyong mga kampamento mula
sa iyong mangangahoy hanggang sa iyong mananalok: 12
Upang ikaw ay pumasok sa tipan ng Panginoon mong Dios,
at sa kaniyang sumpa na ginagawa sa iyo ng Panginoon
mong Dios sa araw na ito: 13 Upang kaniyang itatag ka
sa araw na ito na isang bayan, at upang siya'y maging
iyong Dios, na gaya ng kaniyang sinalita sa iyo, at gaya ng
kaniyang isinumpa sa iyong mga magulang, kay Abraham,
kay Isaac, at kay Jacob. 14 At hindi lamang sa inyo ginagawa
ko ang tipang ito at ang sumpang ito; 15 Kundi doon sa
nakatayo ritong kasama natin sa araw na ito sa harap ng
Panginoon nating Dios, at gayon din sa hindi natin kasama
sa araw na ito: 16 (Sapagka't talastas ninyo kung paanong
tumahan tayo sa lupain ng Egipto; at kung paanong tayo'y
pumasok sa gitna ng mga bansang inyong dinaanan; 17
At inyong nakita ang kanilang mga karumaldumal, at ang
kanilang mga idolo, na kahoy at bato, pilak at ginto na nasa
gitna nila: ) 18 Baka magkaroon sa gitna ninyo ng lalake, o
babae, o angkan, o lipi, na ang puso'y humiwalay sa araw
na ito, sa Panginoon nating Dios, na yumaong maglingkod
sa mga dios ng mga bansang yaon; baka magkaroon sa
gitna ninyo ng isang ugat na nagbubunga ng nakakalason
at ng ajenjo; 19 At mangyari, na pagka kaniyang narinig
ang mga salita ng sumpang ito, na kaniyang basbasan
ang kaniyang sarili sa kaniyang puso, na magsabi, Ako'y
magkakaroon ng kapayapaan, bagaman ako'y lumalakad sa

pagmamatigas ng aking puso upang ilakip ang paglalasing sa
kauhawan: 20 Ay hindi siya patatawarin ng Panginoon, kundi
ang galit nga ng Panginoon at ang kaniyang paninibugho ay
maguusok laban sa taong yaon, at ang lahat ng sumpa na
nasusulat sa aklat na ito ay hihilig sa kaniya, at papawiin
ng Panginoon ang kaniyang pangalan sa silong ng langit.
21 At ihihiwalay siya ng Panginoon sa lahat ng mga lipi sa
Israel sa kasamaan, ayon sa lahat ng mga sumpa ng tipan
na nasusulat sa aklat na ito ng kautusan. 22 At ang mga
lahing darating, ang inyong mga anak na magsisibangon
pagkamatay ninyo, at ang taga ibang bayan na magmumula
sa malayong lupain, ay magsasabi, pagka nakita nila ang
mga salot ng lupaing yaon, at ang sakit na inilagay ng
Panginoon, na ipinagkasakit; 23 At ang buong lupaing yaon
ay asupre, at asin, at sunog, na hindi nahahasikan, at walang
ibubunga, ni walang tumutubong damo, na gaya ng nangyari
sa pagkagiba ng Sodoma at Gomorra, Adma at Seboim, na
giniba ng Panginoon sa kaniyang kagalitan at sa kaniyang
maningas na pagiinit; 24 Na anopa't lahat ng mga bansa
ay magsasabi, Bakit ginawa ito ng Panginoon sa lupaing
ito? ano ang kahulugan ng init nitong malaking kagalitan?
25 Kung magkagayo'y sasabihin ng mga tao, Sapagka't
kanilang pinabayaan ang tipan ng Panginoon, ng Dios ng
kanilang mga magulang, na kaniyang ginawa sa kanila, nang
kaniyang kunin sila sa lupain ng Egipto; 26 At sila'y yumaon
at naglingkod sa ibang mga dios, at sinamba nila, na mga
dios na hindi nila nakilala, at hindi niya ibinigay sa kanila: 27
Kaya't ang galit ng Panginoon ay nagalab laban sa lupaing
ito, upang dalhin sa kaniya ang buong sumpa na nasusulat
sa aklat na ito: 28 At sila'y binunot ng Panginoon sa kanilang
lupain, sa kagalitan, at sa pagiinit, at sa malaking pagkagalit,
at sila'y itinaboy sa ibang lupain gaya sa araw na ito. 29 Ang
mga bagay na lihim ay nauukol sa Panginoon nating Dios:
nguni't ang mga bagay na hayag ay nauukol sa atin at sa
ating mga anak magpakailan man, upang ating magawa ang
lahat ng mga salita ng kautusang ito.

**30** At mangyayari, na pagka ang lahat ng mga bagay na
ito ay darating sa iyo, ang pagpapala at ang sumpa
na inilagay ko sa harap mo, at iyong mga didilidilihin sa
gitna ng lahat ng mga bansa na pinagtabuyan sa iyo ng
Panginoon mong Dios. 2 At magbabalik ka sa Panginoon
mong Dios, at iyong susundin ang kaniyang tinig ayon sa
lahat na iniuutos ko sa iyo sa araw na ito, ninyo at ng
iyong mga anak, ng iyong buong puso at ng iyong buong
kaluluwa; 3 Ay babawiin nga ng Panginoon mong Dios
ang iyong pagkabihag, at mahahabag sa iyo, at ibabalik, at
titipunin ka sa lahat ng mga bayang pinagkalatan sa iyo ng
Panginoon mong Dios. 4 Kung ang bihag sa iyo ay nasa
kaduluduluhang bahagi ng langit, mula roo'y titipunin ka
ng Panginoon mong Dios, at mula roo'y kukunin ka. 5 At
dadalhin ka ng Panginoon mong Dios sa lupain na inari
ng iyong mga magulang, at iyong aariin, at gagawan ka
niya ng mabuti at pararamihin ka niya ng higit kay sa iyong
mga magulang. 6 At tutuliin ng Panginoon mong Dios ang
iyong puso, at ang puso ng iyong binhi, upang ibigin mo
ang Panginoon mong Dios ng iyong buong puso, at ng
iyong buong kaluluwa, upang ikaw ay mabuhay. 7 At lahat
ng mga sumpang ito ng Panginoon mong Dios ay isasa
iyong mga kaaway at sa kanila na nangapopoot sa iyo,
na nagsiusig sa iyo. 8 At ikaw ay babalik at susunod sa
tinig ng Panginoon, at iyong gagawin ang lahat ng kaniyang
mga utos na aking iniuutos sa iyo sa araw na ito. 9 At
pasasaganain ka ng Panginoon mong Dios sa lahat ng gawa
ng iyong kamay, sa bunga ng iyong katawan, at sa anak ng
iyong bakahan, at sa bunga ng iyong lupa, sa ikabubuti:
sapagka't pagagalakin ka uli ng Panginoon, sa ikabubuti mo,
gaya ng kaniyang iginalak sa iyong mga magulang: 10 Kung
iyong susundin ang tinig ng Panginoon mong Dios, upang
tuparin mo ang kaniyang mga utos at ang kaniyang mga
palatuntunan na nasusulat sa aklat na ito ng kautusan; kung
ikaw ay manunumbalik sa Panginoon mong Dios ng iyong
buong puso, at ng iyong buong kaluluwa. 11 Sapagka't ang
utos na ito na aking iniuutos sa iyo sa araw na ito, ay hindi
totoong mabigat sa iyo, ni malayo. 12 Wala sa langit, upang
huwag mong sabihin, Sinong sasampa sa langit para sa
atin, at magdadala niyaon sa atin, at magpaparinig sa atin,
upang ating magawa? 13 Ni wala sa dako roon ng dagat,
upang huwag mong sabihin, Sino ang daraan sa dagat para
sa atin, at magdadala niyaon sa atin, at magpaparinig sa
atin, upang ating magawa? 14 Kundi ang salita ay totoong
malapit sa iyo, sa iyong bibig, at sa iyong puso, upang iyong
magawa. 15 Tingnan mo, na inilagay ko sa harap mo sa
araw na ito ang buhay at ang kabutihan, at ang kamatayan
at ang kasamaan; 16 Na iniuutos ko sa iyo sa araw na ito
na ibigin mo ang Panginoon mong Dios, na lumakad ka sa
kaniyang mga daan, at tuparin mo ang kaniyang mga utos,
at ang kaniyang mga palatuntunan, at ang kaniyang mga
kahatulan, upang ikaw ay mabuhay at dumami, at upang
pagpalain ka ng Panginoon mong Dios sa lupain na iyong
pinapasok upang ariin. 17 Nguni't kung ang iyong puso ay
lumiko, at hindi mo didinggin, kundi maliligaw ka at sasamba
ka sa ibang mga Dios, at maglilingkod ka sa kanila; 18 Ay
aking pinatutunayan sa inyo sa araw na ito, na kayo'y tunay
na malilipol; hindi ninyo palalaunin ang inyong mga araw sa
ibabaw ng lupain na inyong ipinagtatawid ng Jordan, upang
pumasok na ariin. 19 Aking tinatawag ang langit at ang lupa
na pinakasaksi laban sa inyo sa araw na ito, na aking ilagay
sa harap mo ang buhay at ang kamatayan, ang pagpapala

at ang sumpa; kaya't piliin mo ang buhay, upang ikaw ay
mabuhay, ikaw at ang iyong binhi; 20 Na iyong ibigin ang
Panginoon mong Dios, na sundin ang kaniyang tinig, at
lumakip sa kaniya: sapagka't siya ang iyong buhay, at ang
kalaunan ng iyong mga araw; upang matahanan mo ang
lupain na isinumpa ng Panginoon sa iyong mga magulang,
kay Abraham, kay Isaac, at kay Jacob, na ibibigay sa kanila.

**31** At si Moises ay yumaon at sinalita ang mga salitang
ito sa buong Israel. 2 At kaniyang sinabi sa kanila,
Ako'y may isang daan at dalawang pung taon sa araw na
ito; hindi na ako makapaglalabas at pumasok; at sinabi ng
Panginoon sa akin, Huwag kang tatawid sa Jordang ito. 3
Magpapauna ang Panginoon mong Dios at kaniyang lilipulin
ang mga bansang ito sa harap mo, at iyong aariin: si Josue
ay magpapauna sa iyo, gaya ng sinalita ng Panginoon. 4
At gagawin sa kanila ng Panginoon ang gaya ng ginawa
kay Sehon, at kay Og, na mga hari ng mga Amorrheo, at
sa kanilang lupain na kaniyang nilipol. 5 At ibibigay sila
ng Panginoon sa harap mo, at iyong gagawin sa kanila
ang ayon sa buong utos na aking iniutos sa iyo. 6 Kayo'y
magpakalakas at magpakatapang, huwag kayong matakot,
ni mangilabot sa kanila; sapagka't ang Panginoon mong
Dios ay siyang yumayaong kasama mo; hindi ka niya
iiwan ni pababayaan ka niya. 7 At tinawag ni Moises si
Josue at sinabi sa kaniya sa paningin ng buong Israel,
Ikaw ay magpakalakas at magpakatapang: sapagka't ikaw
ay yayaong kasama ng bayang ito sa lupain na isinumpa
ng Panginoon sa kanilang mga magulang na ibibigay sa
kanila; at iyong ipamamana sa kanila. 8 At ang Panginoon,
ay siyang nagpapauna sa iyo; siya'y sasa iyo, hindi ka
niya iiwan, ni pababayaan ka: ikaw ay huwag matatakot
ni manglulupaypay. 9 At isinulat ni Moises ang kautusang
ito, at ibinigay sa mga saserdote na mga anak ni Levi,
na silang nagdadala ng kaban ng tipan ng Panginoon, at
sa lahat ng matanda sa Israel. 10 At iniutos sa kanila ni
Moises, na sinabi, Sa katapusan ng bawa't pitong taon, sa
takdang panahon ng taon ng pagtubos, sa kapistahan ng
mga balag, 11 Pagdating ng buong Israel upang pakita sa
harap ng Panginoon mong Dios sa dakong kaniyang pipiliin
ay iyong babasahin ang kautusang ito sa harap ng buong
Israel sa kanilang pakinig. 12 Pisanin mo ang bayan, ang
mga lalake at mga babae at mga bata, at ang iyong taga
ibang lupa na nasa loob ng iyong mga pintuang-daan, upang
kanilang marinig, at upang kanilang pagaralan, at matakot
sa Panginoon mong Dios, at isagawa ang lahat ng mga
salita ng kautusang ito; 13 At upang ang kanilang mga anak,
na hindi nakakilala, ay makarinig at magaral na matakot
sa Panginoon ninyong Dios, habang kayo'y nabubuhay
sa lupain na inyong pinaroroonan, na inyong itinatawid ng
Jordan upang ariin. 14 At sinabi ng Panginoon kay Moises,
Narito, ang iyong mga araw na ikamamatay ay nalalapit:
tawagin mo si Josue, at magsiharap kayo sa tabernakulo ng
kapisanan upang siya'y aking mapagbilinan. At si Moises
at si Josue ay yumaon at humarap sa tabernakulo ng
kapisanan. 15 At ang Panginoon ay napakita sa Tolda, sa
isang tila haliging ulap; at ang tila haliging ulap ay tumayo
sa pintuan ng tabernakulo. 16 At sinabi ng Panginoon kay
Moises, Narito, ikaw ay matutulog na kasama ng iyong mga
magulang; at ang bayang ito'y babangon, at sasamba sa
kakaibang mga dios sa lupain, na kanilang pinaroroonan
upang sumagitna nila, at ako'y pababayaan, at sisirain
ang aking tipan na aking ipinakipagtipan sa kanila. 17
Kung magkagayo'y ang aking galit ay magaalab laban sa
kanila sa araw na yaon, at aking pababayaan sila, at aking
ikukubli ang aking mukha sa kanila, at sila'y sasakmalin,
at maraming kasamaan at kabagabagan ang darating sa
kanila; na anopa't kanilang sasabihin sa araw na yaon, Hindi
ba ang mga kasamaang ito ay dumating sa atin dahil sa
ang ating Dios ay wala sa gitna natin? 18 At ikukubli ko
nga ang aking mukha sa araw na yaon dahil sa buong
kasamaang kanilang ginawa, sa paraang sila'y pumihit sa
ibang mga dios. 19 Ngayon nga'y sulatin ninyo sa ganang
inyo ang awit na ito, at ituro mo sa mga anak ni Israel: ilagay
mo sa kanilang mga bibig, upang ang awit na ito'y maging
saksi sa akin laban sa mga anak ni Israel. 20 Sapagka't
pagka sila'y naipasok ko na sa lupain na aking isinumpa sa
kanilang mga magulang, na binubukalan ng gatas at pulot,
at sila'y nakakain at nabusog at tumaba; ay pipihit nga sila
sa ibang mga dios, at paglilingkuran nila, at ako'y lalabagin
nila, at sisirain ang aking tipan. 21 At mangyayari na pagka
ang maraming kasamaan at kabagabagan ay dumating sa
kanila, ay magpapatotoo ang awit na ito sa harap nila na
pinakasaksi; sapagka't hindi malilimutan ng mga bibig ng
kanilang binhi; sapagka't talastas ko ang kanilang iniisip
na kanilang inaakala ngayon pa, bago ko sila ipasok sa
lupain na isinumpa ko. 22 Kaya't isinulat ni Moises ang
awit na ito nang araw ding yaon, at itinuro sa mga anak
ni Israel. 23 At kaniyang pinagbilinan si Josue na anak ni
Nun, at sinabi, Ikaw ay magpakalakas at magpakatapang:
sapagka't iyong ipapasok ang mga anak ni Israel sa lupain
na isinumpa ko sa kanila; at ako'y sasa iyo. 24 At nangyari,
nang matapos ni Moises na masulat ang mga salita ng
kautusang ito sa isang aklat, hanggang sa natapos, 25
Na nagutos si Moises sa mga Levita, na may dala ng
kaban ng tipan ng Panginoon, na sinasabi, 26 Kunin ninyo
ang aklat na ito ng kautusan at ilagay ninyo sa siping ng
kaban ng tipan ng Panginoon ninyong Dios, upang doo'y
maging pinakasaksi laban sa iyo. 27 Sapagka't talastas ko

ang iyong panghihimagsik, at ang iyong matigas na ulo:
narito, nabubuhay pa akong kasama ninyo, sa araw na
ito, kayo'y naging mapanghimagsik laban sa Panginoon: at
gaano pa kaya pagkamatay ko? **28** Pulungin mo ang mga
matanda sa iyong mga lipi at ang inyong mga pinuno upang
masalita ko ang mga salitang ito sa kanilang pakinig, at
matawag ang langit at ang lupa na pinakasaksi laban sa
kanila. **29** Sapagka't talastas ko na pagkamatay ko, kayo'y
mangagsisisama at mangaliligaw sa daan na aking itinuro sa
inyo; at ang kasamaan ay sasapit sa inyo sa mga huling
araw; sapagka't inyong gagawin yaong masama sa paningin
ng Panginoon, upang ipamungkahi niya kayo sa kagalitan sa
pamamagitan ng mga gawa ng inyong mga kamay. **30** At
sinalita ni Moises sa pakinig ng buong kapisanan ng Israel
ang mga salita ng awit na ito, hanggang sa natapos.

**32** Makinig kayo, mga langit, at ako'y magsasalita, At
pakinggan ng lupa ang mga salita ng aking bibig. **2**
Ang aking aral ay papatak na parang ulan; Ang aking salita
ay bababa na parang hamog; Gaya ng ambon sa malambot
na damo, At gaya ng mahinang ambon sa gugulayin: **3**
Sapagka't aking ihahayag ang pangalan ng Panginoon:
Dakilain ninyo ang ating Dios. **4** Siya ang Bato, ang kaniyang
gawa ay sakdal; Sapagka't lahat niyang daan ay kahatulan:
Isang Dios na tapat at walang kasamaan, Matuwid at banal
siya. **5** Sila'y nagpakasama, sila'y hindi kaniyang mga anak,
itong kanilang kapintasan; Mga tampalasan at likong lahi. **6**
Ganyan ba ninyo ginaganti ang Panginoon, O mangmang
na bayan at hindi pantas? Hindi ba siya ang iyong ama na
tumangkilik sa iyo? Kaniyang nilalang ka, at itinatag ka. **7**
Alalahanin mo ang mga araw ng una, Isipin mo ang mga taon
ng lahi't lahi: Itanong mo sa iyong ama at kaniyang ibabalita
sa iyo; Sa iyong mga matanda, at kanilang sasaysayin sa
iyo. **8** Nang ibigay ng Kataastaasan sa mga bansa ang
kanilang mana, Nang kaniyang ihiwalay ang mga anak ng
tao, Kaniyang inilagay ang mga hangganan ng mga bayan
Ayon sa bilang ng mga anak ni Israel. **9** Sapagka't ang
bahagi ng Panginoon ay ang kaniyang bayan; Si Jacob ang
bahaging mana niya. **10** Kaniyang nasumpungan sa isang
ilang sa lupain, At sa kapanglawan ng isang umuungal na
ilang; Kaniyang kinanlungan sa palibot, kaniyang nilingap,
Kaniyang iningatang parang salamin ng kaniyang mata:
**11** Parang aguila na kumikilos ng kaniyang pugad, Na
yumuyungyong sa kaniyang mga inakay, Kaniyang ibinubuka
ang kaniyang mga pakpak, kaniyang kinukuha, Kaniyang
dinadala sa ibabaw ng kaniyang mga pakpak: **12** Ang
Panginoon na magisa ang pumatnubay sa kaniya, At walang
ibang dios na kasama siya. **13** Ipinaari sa kaniya ang
matataas na dako ng lupa, At siya'y kumain ng tubo sa
bukid; At kaniyang pinahitit ng pulot na mula sa bato, At ng
langis na mula sa batong pinkian; **14** Ng mantika ng baka, at
gatas ng tupa, Na may taba ng mga kordero, At ng mga
tupang lalake sa Basan, at mga kambing, Na may taba ng
mga butil ng trigo; At sa katas ng ubas ay uminom ka ng
alak. **15** Nguni't tumaba si Jeshurun, at tumutol: Ikaw ay
tumataba, ikaw ay lumalapad, ikaw ay naging makinis: Nang
magkagayo'y kaniyang pinabayaan ang Dios na lumalang
sa kaniya, At niwalang kabuluhan ang Bato na kaniyang
kaligtasan. **16** Siya'y kinilos nila sa paninibugho sa ibang mga
dios, Sa pamamagitan ng mga karumaldumal, minungkahi
nila siya sa kagalitan. **17** Kanilang inihain sa mga demonio,
na hindi Dios, Sa mga dios na hindi nila nakilala, Sa mga
bagong dios, na kalilitaw pa lamang, Na hindi kinatakutan
ng inyong mga magulang. **18** Sa Batong nanganak sa
iyo, ay nagwalang bahala ka, At iyong kinalimutan ang
Dios na lumalang sa iyo. **19** At nakita ng Panginoon, at
kinayamutan sila, Dahil sa pamumungkahi ng kaniyang
mga anak na lalake at babae. **20** At kaniyang sinabi, Aking
ikukubli ang aking mukha sa kanila, Aking titingnan kung
anong mangyayari sa kanilang wakas; Sapagka't sila'y isang
napakasamang lahi, Na mga anak na walang pagtatapat. **21**
Kinilos nila ako sa paninibugho doon sa hindi Dios; Kanilang
minungkahi ako sa galit sa kanilang mga walang kabuluhan:
At akin silang kikilusin sa paninibugho sa mga hindi bayan:
Aking ipamumungkahi sila sa galit, sa pamamagitan ng
isang mangmang na bansa. **22** Sapagka't may apoy na
nagalab sa aking galit, At nagniningas hanggang sa Sheol,
At lalamunin ang lupa sangpu ng tubo nito, At paniningasan
ng apoy ang mga tungtungan ng mga bundok. **(Sheol h7585)**
**23** Aking dadaganan sila ng mga kasamaan; Aking gugugulin
ang aking busog sa kanila: **24** Sila'y mangapupugnaw sa
gutom, at lalamunin ng maningas na init, At ng mapait na
pagkalipol; At ang mga ngipin ng mga hayop ay susunugin
ko sa kanila, Sangpu ng kamandag ng nangagsisiusad sa
alabok. **25** Sa labas ay pipighatiin ng tabak. At sa mga silid
ay kakilabutan; Malilipol kapuwa ang binata at dalaga, Ang
sanggol sangpu ng lalaking may uban. **26** Aking sinabi, Aking
pangangalatin sila sa malayo, Aking papaglilikatin sa mga
tao ang alaala sa kanila; **27** Kundi aking kinatatakutan ang
mungkahi ng kaaway; Baka ang kanilang mga kalaban ay
humatol ng mali, Baka kanilang sabihin, Ang aming kamay
ay tanghal, At hindi ginawa ng Panginoon ang lahat ng
ito. **28** Sapagka't sila'y bansang salat sa payo, At walang
kaalaman sa kanila. **29** Oh kung sila'y mga pantas, na
kanilang tinalastas ito, Kung nababatid nila ang kanilang
wakas! **30** Kung paanong hahabulin ng isa ang isang libo, At
ang dalawa'y magpapatakas sa sangpung libo, Malibang
ipagbili sila ng kanilang Bato, At ibigay sila ng Panginoon?
**31** Sapagka't ang kanilang bato ay hindi gaya ng ating Bato,

Kahit ang ating mga kaaway man ang maging mga hukom.
32 Sapagka't ang kanilang puno ng ubas ay mga puno ng
ubas sa Sodoma, At sa mga parang ng Gomorra: Ang
kanilang ubas ay ubas ng apdo, Ang kanilang mga buwig
ay mapait: 33 Ang kanilang alak ay kamandag ng mga
dragon, At mabagsik na kamandag ng mga ahas. 34 Di
ba ito'y natatago sa akin, Na natatatakan sa aking mga
kayamanan? 35 Ang panghihiganti ay akin, at gayon din
ang gantingpala, Sa panahon na madudulas ang kanilang
mga paa: Sapagka't ang araw ng kanilang pagdadalita
ay nalalapit, At ang mga bagay na darating sa kanila ay
mangagmamadali. 36 Sapagka't hahatulan ng Panginoon ang
kaniyang bayan, At magsisisi dahil sa kaniyang mga lingkod;
Pagka kaniyang nakitang ang kanilang kapangyarihan ay
nawala, At wala ng natitira na natatakpan o naiwan. 37 At
kaniyang sasabihin, Saan nandoon ang kanilang mga dios,
Ang bato na siya nilang pinanganlungan; 38 Yaong mga
kumakain ng taba ng kanilang mga hain, At umiinom ng alak
ng kanilang inuming handog? Bumangon sila at tumulong
sa inyo, At sila'y maging pagkupkop sa inyo. 39 Tingnan
ninyo ngayon, na ako, sa makatuwid baga'y ako nga, At
walang dios sa akin: Ako'y pumapatay, at ako'y bumubuhay;
Ako'y ang sumusugat, at ako'y ang nagpapagaling: At
walang makaliligtas sa aking kamay. 40 Sapagka't aking
itinataas ang aking kamay sa langit, At aking sinasabi,
Buhay ako magpakailan man, 41 Kung aking ihahasa ang
aking makintab na tabak, At ang aking kamay ay hahawak
ng kahatulan; Aking ibibigay ang aking panghihiganti sa
aking mga kaaway, At aking gagantihan yaong nangapopoot
sa akin. 42 At aking lalanguin ng dugo ang aking tunod,
At ang aking tabak ay sasakmal ng laman; Sa dugo ng
patay at ng mga bihag, Mula sa ulo ng mga pangulo ng
kaaway. 43 Mangagalak kayo, O mga bansa, na kasama
ng kaniyang bayan; Sapagka't ipanghihiganti ang dugo ng
kaniyang mga lingkod, At manghihiganti sa kaniyang mga
kaalit, At patatawarin ang kaniyang lupain, ang kaniyang
bayan. 44 At si Moises ay naparoon at sinalita ang lahat ng
mga salita ng awit na ito sa pakinig ng bayan, siya, at si
Josue na anak ni Nun. 45 At tinapos ni Moises na salitain
ang lahat ng mga salitang ito sa buong Israel: 46 At kaniyang
sinabi sa kanila, Ilagak ninyo ang inyong puso sa lahat ng
mga salita na aking pinatototohanan sa inyo sa araw na ito,
na inyong iuutos sa inyong mga anak upang isagawa ang
lahat ng mga salita ng kautusang ito. 47 Sapagka't ito'y hindi
hamak na bagay sa inyo; sapagka't inyong kabuhayan, at sa
bagay na ito ay inyong palalaunin ang inyong ipinagtatawid
ng Jordan upang ariin. 48 At sinalita ng Panginoon kay
Moises nang araw ding yaon, na sinasabi, 49 Sumampa ka
sa bundok na ito ng Abarim, sa bundok ng Nebo na nasa
lupain ng Moab, na nasa tapat ng Jerico; at masdan mo
ang lupain ng Canaan, na aking ibinibigay sa mga anak ni
Israel, na pinakaari: 50 At mamatay ka sa bundok na iyong
sinasampa, at malakip ka sa iyong bayan, gaya ni Aaron na
iyong kapatid na namatay sa bundok ng Hor, at nalakip sa
kaniyang bayan: 51 Sapagka't kayo'y sumalansang laban sa
akin sa gitna ng mga anak ni Israel sa tubig ng Meriba ng
Cades, sa ilang ng Zin; sapagka't hindi ninyo ako inaring
banal sa gitna ng mga anak ni Israel. 52 Sapagka't iyong
matatanaw ang lupain sa harap mo; nguni't doo'y hindi ka
makapapasok, sa lupain na aking ibinibigay sa mga anak ni
Israel.

**33** At ito ang basbas na ibinasbas ni Moises, tao ng
Dios, sa mga anak ni Israel bago siya namatay. 2
At kaniyang sinabi, Ang Panginoo'y nanggaling sa Sinai,
At bumangon mula sa Seir na patungo sa kanila; Siya'y
lumiwanag mula sa bundok ng Paran, At siya'y nanggaling
sa laksa-laksa ng mga banal: Sa kaniyang kanan, ay may
hawak na isang mahigpit na kautusan sa kanila. 3 Oo't
kaniyang iniibig ang bayan: Lahat ng kaniyang mga banal ay
nasa iyong kamay: At sila'y umupo sa iyong paanan; Na
bawa't isa'y tatanggap ng iyong mga salita. 4 Si Moises ay
nagutos sa atin ng isang kautusan, Na mana sa kapisanan
ng Jacob. 5 At siya'y hari sa Jeshurun, Nang magkatipon
ang mga pangulo ng bayan, Sangpu ng lahat ng mga lipi ni
Israel. 6 Mabuhay nawa ang Ruben, at huwag mamatay;
Gayon ma'y kumaunti nawa ang kaniyang mga tao. 7 At
ito ang basbas sa Juda; at kaniyang sinabi, Dinggin mo,
Panginoon, ang tinig ng Juda, At padatnin mo sa kaniyang
bayan: Sukat na sa kaniya ang kaniyang mga kamay; At ikaw
ay maging tulong laban sa kaniyang mga kaalit. 8 At tungkol
sa Levi ay kaniyang sinabi, Ang iyong Thummim at ang
iyong Urim ay sumaiyong banal, Na siyang iyong sinubok
sa Massa, Na siya mong kinatunggali sa tubig ng Meriba;
9 Na siyang nagsabi tungkol sa kaniyang ama, at tungkol
sa kaniyang ina, Hindi ko siya nakita; Ni kinilala niya ang
kaniyang mga kapatid, Ni kinilala niya ang kaniyang sariling
mga anak; Sapagka't kanilang sinunod ang iyong salita, At
ginaganap ang iyong tipan. 10 Sila'y magtuturo sa Jacob ng
iyong mga kahatulan, At ng iyong mga kautusan, sa Israel;
Sila'y maglalagay ng kamangyan sa harap mo, At ng buong
handog na susunugin sa ibabaw ng iyong dambana. 11
Basbasan mo, Panginoon, ang kaniyang tinatangkilik, At
tanggapin mo ang gawa ng kaniyang mga kamay; Saktan
mo ang mga balakang niyaong nagsisibangon laban sa
kaniya, At niyaong nangapopoot sa kaniya, upang sila'y
huwag bumangon uli. 12 Tungkol sa Benjamin, ay kaniyang
sinabi, Ang minamahal ng Panginoon ay tatahang ligtas
sa siping niya; Siya'y kakanlungan niya buong araw, At

siya'y mananahan sa pagitan ng kaniyang mga balikat. 13
At tungkol sa Jose ay kaniyang sinabi, Pagpalain nawa ng
Panginoon ang kaniyang lupain, Sa mga mahalagang bagay
ng langit, sa hamog, At sa kalaliman na nasa ilalim niya, 14
At sa mga mahalagang bagay na pinatubo ng araw, At sa
mga mahalagang bagay na pinatubo ng buwan, 15 At sa
pinakamarikit na mga bagay ng matandang bundok, At sa
mga mahalagang bagay ng mga burol na walang hanggan,
16 At sa mga mahalagang bagay ng lupa at ng kapunuan
niyaon, At ang mabuting kalooban niyaong tumahan sa
mababang punong kahoy: Sumaulo nawa ni Jose ang
kapalaran, At sa tuktok ng ulo niya na hiwalay sa kaniyang
mga kapatid. 17 Ang panganay ng kaniyang baka, na may
kamahalan; At ang mga sungay niyaon ay parang mga
sungay ng mabangis na toro: Siya niyang ipantutulak sa mga
bayan, lahat sa kanila, kahit na nasa mga hangganan ng
lupa: At sila ang laksa-laksa ng Ephraim, At sila ang libolibo
ng Manases. 18 At tungkol sa Zabulon ay kaniyang sinabi,
Magalak ka, Zabulon, sa iyong paglabas; At ikaw, Issachar,
sa iyong mga tolda. 19 Kanilang tatawagin ang mga bayan sa
bundok; Doo'y maghahandog sila ng mga hain ng katuwiran:
Sapagka't kanilang hihititin ang mga kasaganaan ng mga
dagat, At ang natatagong kayamanan sa buhanginan. 20
At tungkol sa Gad, ay kaniyang sinabi, Pagpalain yaong
magpalaki sa Gad: Siya'y tumatahan parang isang leona, At
dudurog ng bisig, sangpu ng bao ng ulo. 21 At kaniyang
inagap ang unang bahagi para sa kaniya, Sapagka't doon
natago ang bahagi ng gumagawa ng kautusan; At siya'y
pumaroong kasama ng mga pangulo ng bayan, Kaniyang
isinagawa ang katuwiran ng Panginoon, At ang kaniyang
mga kahatulan sa Israel. 22 At tungkol sa Dan ay kaniyang
sinabi, Ang Dan ay anak ng leon, Na lumukso mula sa
Basan. 23 At tungkol sa Nephtali ay kaniyang sinabi, Oh
Nephtali, busog ng lingap, At puspos ng pagpapala ng
Panginoon: Ariin mo ang kalunuran at ang timugan. 24 At
tungkol sa Aser ay kaniyang sinabi, Pagpalain nawa sa
mga anak ang Aser, Mahalin nawa siya ng kaniyang mga
kapatid, At ilubog ang kaniyang paa sa langis. 25 Ang iyong
mga halang ay magiging bakal at tanso; At kung paano ang
iyong mga kaarawan ay magkagayon nawa ang iyong lakas.
26 Walang gaya ng Dios, Oh Jeshurun, Na sumasakay sa
langit dahil sa pagtulong sa iyo, At sa himpapawid dahil sa
kaniyang karangalan. 27 Ang walang hanggang Dios ay
iyong dakong tahanan, At sa ibaba'y ang walang hanggang
mga bisig: At kaniyang itinutulak sa harap mo ang kaaway,
At sinabi, Lansagin mo. 28 At ang Israel ay tumatahang
tiwala, Ang bukal ng Jacob na nagiisa, Sa isang lupain ng
trigo at alak; Oo't, ang kaniyang mga langit ay nagbababa
ng hamog. 29 Maginhawa ka, Oh Israel: Sino ang gaya mo,
bayang iniligtas ng Panginoon, Ng kalasag na iyong tulong,
At siyang tabak ng iyong karangalan! At ang iyong mga
kaaway ay susuko sa iyo: At ikaw ay tutungtong sa kanilang
mga matataas na dako.

34 At sumampa si Moises mula sa mga kapatagan ng
Moab sa bundok ng Nebo, sa taluktok ng Pisga, na
nasa tapat ng Jerico. At itinuro ng Panginoon ang buong
lupain ng Galaad hanggang sa Dan, 2 At ang buong Nephtali
at ang lupain ng Ephraim at ng Manases, at ang buong
lupain ng Juda hanggang sa dagat kalunuran, 3 At ang
Timugan at ang Kapatagan ng libis ng Jerico na bayan
ng mga puno ng palma hanggang sa Soar. 4 At sinabi ng
Panginoon sa kaniya, Ito ang lupain na aking isinumpa
kay Abraham, kay Isaac, at kay Jacob, na sinasabi, Aking
ibibigay sa iyong binhi: aking pinatingnan sa iyo ng iyong
mga mata, nguni't hindi ka daraan doon. 5 Sa gayo'y si
Moises na lingkod ng Panginoon ay namatay roon sa lupain
ng Moab ayon sa salita ng Panginoon. 6 At kaniyang inilibing
siya sa libis sa lupain ng Moab na nasa tapat ng Beth-peor;
nguni't sinomang tao ay hindi nakaaalam ng libingan niya
hanggang sa araw na ito. 7 At si Moises ay may isang daan
at dalawang pung taong gulang nang siya'y mamatay: ang
kaniyang mata'y hindi lumabo, ni ang kaniyang talagang
lakas ay humina. 8 At iniyakan ng mga anak ni Israel si
Moises sa mga kapatagan ng Moab, na tatlong pung araw:
sa gayon, natapos ang mga araw ng pagtangis sa pagluluksa
kay Moises. 9 At si Josue na anak ni Nun ay napuspos ng
diwa ng karunungan: sapagka't ipinatong ni Moises ang
kaniyang mga kamay sa kaniya; at dininig siya ng mga anak
ni Israel, at ginawa nila ang gaya ng iniutos ng Panginoon
kay Moises. 10 At wala pang bumangong propeta sa Israel
na gaya ni Moises, na kilala ng Panginoon sa mukhaan, 11
Sa lahat ng mga tanda at mga kababalaghan na iniutos ng
Panginoon gawin sa lupain ng Egipto kay Faraon at sa lahat
ng kaniyang mga lingkod, at sa kaniyang buong lupain, 12 At
sa buong makapangyarihang kamay at sa buong dakilang
kakilabutan, na ginawa ni Moises sa paningin ng buong
Israel.

# Josue

1 Nangyari nga pagkamatay ni Moises na lingkod ng
Panginoon, na ang Panginoon ay nagsalita kay Josue na
anak ni Nun na tagapangasiwa ni Moises, na sinasabi, 2 Si
Moises na aking lingkod ay patay na; ngayon nga'y tumindig
ka, tumawid ka sa Jordang ito, ikaw, at ang buong bayang
ito, hanggang sa lupain na aking ibinibigay sa kanila, sa
makatuwid baga'y sa mga anak ni Israel. 3 Bawa't dakong
tuntungan ng talampakan ng inyong paa, ay naibigay ko na
sa inyo, gaya ng sinalita ko kay Moises. 4 Mula sa ilang,
at ang Libanong ito, hanggang sa malaking ilog, na ilog
Eufrates, buong lupain ng mga Hetheo, at hanggang sa
malaking dagat sa dakong nilulubugan ng araw, ay magiging
inyong hangganan. 5 Walang makatatayong sinomang tao
sa harap mo sa lahat ng mga araw ng iyong buhay: kung
paanong ako'y suma kay Moises, ay gayon ako sasa iyo:
hindi kita iiwan ni pababayaan kita. 6 Magpakalakas ka at
magpakatapang na mabuti: sapagka't iyong ipamamana sa
bayang ito ang lupain na aking isinumpa sa kanilang mga
magulang na ibibigay sa kanila. 7 Magpakalakas ka lamang
at magpakatapang na mabuti, na isagawa mo ang ayon sa
buong kautusan na iniutos sa iyo ni Moises na aking lingkod:
huwag kang liliko sa kanan o sa kaliwa, upang ikaw ay
magtamo ng mabuting kawakasan saan ka man pumaroon.
8 Ang aklat na ito ng kautusan ay huwag mahihiwalay sa
iyong bibig, kundi iyong pagbubulayan araw at gabi, upang
iyong masunod na gawin ang ayon sa lahat na nakasulat
dito: sapagka't kung magkagayo'y iyong pagiginhawahin
ang iyong lakad, at kung magkagayo'y magtatamo ka ng
mabuting kawakasan. 9 Hindi ba kita inutusan? Ikaw ay
magpakalakas at magpakatapang na mabuti; huwag kang
matakot, ni manglupaypay: sapagka't ang Panginoon mong
Dios ay sumasa iyo saan ka man pumaroon. 10 Nang
magkagayo'y nagutos si Josue sa mga pinunong bayan, na
sinasabi, 11 Kayo'y magdaan sa gitna ng kampamento, at
magutos sa bayan, na sabihin, Maghanda kayo ng baon;
sapagka't sa loob ng tatlong araw ay tatawid kayo sa
Jordang ito, upang yumaong ariin ang lupain, na ibinibigay
sa inyo ng Panginoon ninyong Dios upang ariin. 12 At sa
mga Rubenita, at sa mga Gadita, at sa kalahating lipi ni
Manases, ay nagsalita si Josue, na sinasabi, 13 Alalahanin
ninyo ang salita na iniutos sa inyo ni Moises na lingkod ng
Panginoon, na sinasabi, Binibigyan kayo ng kapahingahan
ng Panginoon ninyong Dios, at ibibigay sa inyo ang lupaing
ito. 14 Ang inyong mga asawa, ang inyong mga bata, at ang
inyong mga hayop ay tatahan sa lupain na ibinigay sa inyo
ni Moises sa dako roon ng Jordan; nguni't kayo'y tatawid
na may sandata sa harap ng inyong mga kapatid, kayong
lahat na makapangyarihang lalaking matapang, at tutulong
sa kanila; 15 Hanggang sa mabigyan ng kapahingahan ng
Panginoon ang inyong mga kapatid, na gaya ninyo, at kanila
namang maari ang lupaing ibinibigay sa kanila ng Panginoon
ninyong Dios: kung magkagayo'y babalik kayo sa lupain
na inyong ari, at inyong aariin, yaong ibinigay sa inyo ni
Moises na lingkod ng Panginoon sa dako roon ng Jordan
sa dakong sinisikatan ng araw. 16 At sila'y sumagot kay
Josue, na sinasabi, Lahat ng iyong iniutos sa amin ay aming
gagawin, at saan mo man kami suguin ay paroroon kami.
17 Kung paanong aming dininig si Moises sa lahat ng mga
bagay, ay gayon ka namin didinggin: sumaiyo lamang ang
Panginoon mong Dios, na gaya kay Moises. 18 Sinomang
manghihimagsik laban sa iyong utos, at hindi makikinig ng
iyong mga salita sa lahat ng iyong iniuutos sa kaniya, ay
ipapapatay: magpakalakas ka lamang at magpakatapang na
mabuti.

2 At si Josue na anak ni Nun ay nagsugong lihim mula
sa Sittim ng dalawang lalake na pinakatiktik, na sinasabi,
Yumaon kayo na inyong kilalanin ang lupain, at ang Jerico.
At sila'y yumaon at pumasok sa isang bahay ng isang
patutot na ang pangalan ay Rahab, at nakituloy doon. 2
At ito'y nasaysay sa hari sa Jerico, na sinasabi, Narito,
may mga lalake, sa mga anak ni Israel na pumasok dito
ngayong gabi upang kilalanin ang lupain. 3 At ang hari
sa Jerico ay nagsugo kay Rahab, na sinasabi, Ilabas mo
ang mga lalake na naparito sa iyo, na pumasok sa iyong
bahay; sapagka't sila'y naparito upang kilalanin ang buong
lupain. 4 At ipinagsama ng babae ang dalawang lalake at
ikinubli, at sinabi niya, Oo, ang mga lalake ay naparito sa
akin, nguni't hindi ko talastas kung sila'y taga saan: 5 At
nangyari, sa may oras ng pagsasara ng pintuang-bayan,
nang madilim na, na ang mga lalake ay lumabas; hindi ko
talastas kung saan naparoon ang mga lalaking yaon; habulin
ninyong madali sila; sapagka't inyo silang aabutan. 6 Nguni't
kaniyang isinampa sila sa bubungan, at ikinubli sa mga puno
ng lino, na kaniyang inilagay na maayos sa bubungan. 7
At hinabol ng mga tao sila sa daan na patungo sa Jordan
hanggang sa mga tawiran: at pagkalabas ng humabol sa
kanila, ay kanilang sinarhan ang pintuang-bayan. 8 At bago
sila nahiga, ay sinampa niya sila sa bubungan. 9 At sinabi
niya sa mga lalake, Talastas ko na ibinigay sa inyo ng
Panginoon ang lupain, at dinatnan kami ng pangingilabot sa
inyo at ang lahat na nananahan sa lupain ay nauupos sa
harap ninyo. 10 Sapagka't aming nabalitaan kung paanong
tinuyo ng Panginoon ang tubig sa Dagat na Mapula sa
harap ninyo, nang kayo'y lumabas sa Egipto; at kung ano
ang inyong ginawa sa dalawang hari ng mga Amorrheo,
na nangasa dako roon ng Jordan, kay Sehon at kay Og,

na inyong lubos na pinuksa. 11 At pagkabalita namin, ay
nanglumo ang aming puso, ni walang diwa na naiwan sa
kanino mang tao, dahil sa inyo; sapagka't ang Panginoon
ninyong Dios, ay siyang Dios sa langit sa itaas, at sa lupa
sa ibaba. 12 Ngayon nga, isinasamo ko sa inyo, sumumpa
kayo sa akin sa pangalan ng Panginoon, na kung paanong
ako'y nagmagandang loob sa inyo ay magmamagandang
loob naman kayo sa sangbahayan ng aking magulang, at
bibigyan ninyo ako ng tunay na tanda; 13 At inyong ililigtas
na buhay ang aking ama, at ang aking ina, at ang aking mga
kapatid na lalake at babae, at ang lahat nilang tinatangkilik,
at inyong ililigtas ang aming mga buhay sa kamatayan. 14 At
sinabi ng mga lalake sa kaniya, Ang aming buhay ay ilalagak
namin sa inyo, kung hindi ninyo ihahayag itong aming pakay;
at mangyayari, na pagka ibinigay sa amin ng Panginoon
ang lupain, kami ay magmamagandang loob at magtatapat
sa inyo. 15 Nang magkagayo'y kaniyang pinababa sila
sa pamamagitan ng isang lubid sa dungawan: sapagka't
ang kaniyang bahay ay nasa kuta ng bayan, at siya'y
tumatahan sa kuta. 16 At sinabi niya sa kanila, Pumaroon
kayo sa bundok, baka kayo'y abutan ng manghahabol sa
inyo; at kayo'y magkubli roon na tatlong araw, hanggang
sa magsibalik ang mga manghahabol: at pagkatapos ay
makayayaon kayo ng inyong lakad. 17 At sinabi ng mga
lalake sa kaniya, Kami ay hindi magpapakasala sa sumpang
ito, na iyong ipinasumpa sa amin. 18 Narito, pagka kami
ay pumasok sa lupain, ay iyong itatali itong panaling pula
sa dungawan na iyong pinagpababaan sa amin: at iyong
pipisanin sa iyo sa loob ng bahay ang iyong ama, at
ang iyong ina, at ang iyong mga kapatid, at ang buong
sangbahayan ng iyong ama. 19 At mangyayari, na sinomang
lalabas sa mga pintuan ng iyong bahay sa lansangan, ay
mabububo sa kaniyang ulo ang kaniyang dugo at hindi
namin magiging kasalanan: at sinomang kasama mo sa
bahay ay mahuhulog sa aming ulo ang dugo niya, kung
may magbuhat sa kaniya ng kamay. 20 Nguni't kung iyong
ihayag itong aming pakay, ay hindi namin ipagkakasala ang
pagkapanumpa sa iyo, na iyong ipinapanumpa sa amin.
21 At kaniyang sinabi, Ayon sa inyong mga salita, ay siya
nawang mangyari. At kaniyang pinapagpaalam sila at sila'y
yumaon: at kaniyang itinali ang panaling pula sa dungawan.
22 At sila'y yumaon at naparoon sa bundok, at tumahan
doon na tatlong araw, hanggang sa nagsibalik ang mga
manghahabol; at hinanap sila ng mga manghahabol sa
lahat ng daan, nguni't hindi sila nasumpungan. 23 Nang
magkagayo'y nagsibalik ang dalawang lalake at bumaba sa
bundok, at tumawid at naparoon kay Josue na anak ni Nun;
at kanilang isinaysay sa kaniya ang lahat na nangyari sa
kanila. 24 At kanilang sinabi kay Josue, Tunay na ibinigay ng
Panginoon sa ating mga kamay ang buong lupain; at bukod
dito'y nangliliit ang lahat na nananahan sa lupain sa harap
natin.

3 At bumangong maaga si Josue sa kinaumagahan; at
sila'y umalis sa Sittim at napasa Jordan, siya at ang
lahat na mga anak ni Israel; at sila'y tumigil doon bago sila
tumawid. 2 At nangyari pagkatapos ng tatlong araw, na ang
mga pinuno ay napasa gitna ng kampamento; 3 At sila'y
nagutos sa bayan, na sinasabi, Pagka inyong nakita ang
kaban ng tipan ng Panginoon ninyong Dios, at dinadala ng
mga saserdote na Levita, ay kikilos nga kayo sa inyong dako
at susunod doon. 4 Gayon ma'y magkakapagitan sa inyo at
sa kaban ng may dalawang libong siko ang sukat: huwag
ninyong lapitan, upang alamin ang daan na inyong marapat
paroonan; sapagka't hindi pa ninyo nararaanan ang daang
ito ng una. 5 At sinabi ni Josue sa bayan, Magpakabanal
kayo; sapagka't bukas ay gagawa ng mga kababalaghan
ang Panginoon sa inyo. 6 At nagsalita si Josue sa mga
saserdote, na sinasabi, Buhatin ninyo ang kaban ng tipan at
magpauna kayo sa bayan. At kanilang binuhat ang kaban ng
tipan, at nagpauna sa bayan. 7 At sinabi ng Panginoon kay
Josue, Sa araw na ito ay pasisimulan kong padakilain ka sa
paningin ng buong Israel, upang kanilang makilala, na kung
paanong ako'y suma kay Moises ay gayon ako sasaiyo. 8 At
iyong uutusan ang mga saserdote na nagdadala ng kaban
ng tipan, na iyong sasabihin, Pagka kayo'y dumating sa tabi
ng tubig ng Jordan, ay tumigil kayo sa Jordan. 9 At sinabi
ni Josue sa mga anak ni Israel, Magsilapit kayo at dinggin
ninyo ang mga salita ng Panginoon ninyong Dios. 10 At
sinabi ni Josue, Sa ganito ay inyong makikilala na ang buhay
na Dios ay nasa gitna ninyo, at walang pagsalang kaniyang
itataboy sa harap ninyo ang Cananeo, at ang Hetheo, at
ang Heveo, at ang Pherezeo, at ang Gergeseo, at ang
Amorrheo, at ang Jebuseo. 11 Narito, ang kaban ng tipan
ng Panginoon ng buong lupa ay nagpapauna sa inyo sa
Jordan. 12 Ngayon nga ay kumuha kayo ng labing dalawang
lalake sa mga lipi ni Israel, na isang lalake sa bawa't lipi. 13
At mangyayari, na pagka ang mga talampakan ng mga paa
ng mga saserdote na nagdadala ng kaban ng Panginoon, ng
Panginoon ng buong lupa, ay titigil sa tubig ng Jordan, na
ang tubig ng Jordan ay mahahawi, sa makatuwid baga'y ang
tubig na bumababang mula sa itaas; at magiisang bunton.
14 At nangyari nang umalis ang bayan sa kanilang mga
tolda, upang tumawid sa Jordan, ay nasa unahan ng bayan
ang mga saserdote na nagdadala ng kaban ng tipan; 15 At
nang dumating sa Jordan ang mga may dala ng kaban, at
ang mga paa ng mga saserdote na nagdadala ng kaban ay
nabasa sa gilid ng tubig, (sapagka't inaapawan ng Jordan
ang lahat niyang pangpang sa buong panahon ng pagaani, )

16 Na ang tubig na bumababang mula sa itaas ay tumigil, at
nagisang bunton na malayo sa kanila, sa Adam, na bayang
nasa tabi ng Sarethan: at yaong nagsisibaba sa dagat ng
Araba, na Dagat na Alat ay lubos na nahawi: at ang bayan
ay tumawid sa tapat ng Jerico. 17 At ang mga saserdote na
nagdadala ng kaban ng tipan ng Panginoon ay tumayong
panatag sa tuyong lupa sa gitna ng Jordan; at ang buong
Israel ay dumaan sa tuyong lupa, hanggang sa nakatawid
na lubos sa Jordan ang buong bansa.

4 At nangyari nang nakatawid na lubos sa Jordan ang
buong bansa, na ang Panginoon ay nagsalita kay Josue,
na nagsasabi, 2 Kumuha ka ng labing dalawang lalake sa
bayan, na isa sa bawa't lipi, 3 At iutos ninyo sa kanila, na
sabihin, Kumuha kayo mula rito sa gitna ng Jordan, mula sa
dakong tinatayuang matatag ng mga paa ng mga saserdote,
ng labing dalawang bato, at dalhin ninyo, at ilapag ninyo sa
tigilang dako, na inyong tutuluyan sa gabing ito. 4 Nang
magkagayo'y tinawag ni Josue ang labing dalawang lalake,
na kaniyang inihanda sa mga anak ni Israel, na isang lalake
sa bawa't lipi. 5 At sinabi ni Josue sa kanila, Dumaan kayo
sa harap ng kaban ng Panginoon ninyong Dios sa gitna ng
Jordan, at pasanin ng bawa't isa sa inyo ang isang bato sa
kaniyang balikat, ayon sa bilang ng mga lipi ng mga anak ni
Israel; 6 Upang ito'y maging pinaka tanda sa gitna ninyo, na
pagka itinanong ng inyong mga anak sa panahong darating,
na sasabihin, Anong kahulugan sa inyo ng mga batong ito?
7 At inyo ngang sasabihin sa kanila, Sapagka't ang tubig ng
Jordan ay nahawi sa harap ng kaban ng tipan ng Panginoon;
nang magdaan yaon sa Jordan, ay nahawi ang tubig sa
Jordan: at ang mga batong ito ay magiging pinaka alaala
sa mga anak ni Israel magpakailan man. 8 At ginawang
gayon ng mga anak ni Israel gaya ng iniutos ni Josue, at
pumasan ng labing dalawang bato mula sa gitna ng Jordan,
gaya ng sinalita ng Panginoon kay Josue, ayon sa bilang
ng mga lipi ng mga anak ni Israel; at kanilang dinala sa
dakong kanilang tutuluyan, at inilapag doon. 9 At si Josue ay
nagpabunton ng labing dalawang bato sa gitna ng Jordan,
sa dakong tinayuan ng mga saserdote na nagdadala ng
kaban ng tipan: at nangandoon, hanggang sa araw na ito.
10 Sapagka't ang mga saserdote na nagdadala ng kaban
ay tumayo sa gitna ng Jordan, hanggang sa natapos ang
bawa't bagay na iniutos ng Panginoon kay Josue na salitain
sa bayan, ayon sa buong iniutos ni Moises kay Josue: at
ang bayan ay nagmadali at tumawid. 11 At nangyari nang
nakatawid na lubos ang buong bayan, na ang kaban ng
Panginoon ay itinawid at ang mga saserdote sa harap ng
bayan. 12 At ang mga anak ni Ruben, at ang mga anak ni
Gad, at ang kalahati ni Manases, ay dumaang may sandata
sa harap ng mga anak ni Israel, gaya ng salita ni Moises sa
kanila: 13 May apat na pung libo na nasasakbatang handa
sa pakikidigma ang dumaan sa harap ng Panginoon na
patungo sa pakikibaka, sa mga kapatagan ng Jerico. 14
Nang araw na yaon ay pinadakila ng Panginoon si Josue
sa paningin ng buong Israel; at sila'y natakot sa kaniya,
gaya ng kanilang pagkatakot kay Moises, sa lahat ng mga
araw ng kaniyang buhay. 15 At ang Panginoon ay nagsalita
kay Josue, na sinasabi, 16 Iutos mo sa mga saserdote na
nagdadala ng kaban ng patotoo, na sila'y sumampa mula
sa Jordan. 17 Nagutos nga si Josue sa mga saserdote, na
sinasabi, Umahon kayo mula sa Jordan. 18 At nangyari,
nang umahon mula sa gitna ng Jordan ang mga saserdote
na nagdadala ng kaban ng tipan ng Panginoon, at nang
matungtong sa tuyong lupa ang mga talampakan ng mga
paa ng mga saserdote, na ang tubig ng Jordan ay nanauli
sa kanilang dako, at umapaw sa pangpang na gaya ng
dati. 19 At ang bayan ay umahon mula sa Jordan nang
ikasangpung araw ng unang buwan, at humantong sa Gilgal,
sa hangganang silanganan ng Jerico. 20 At yaong labing
dalawang bato, na kanilang kinuha sa Jordan, ay ibinunton
ni Josue sa Gilgal. 21 At siya'y nagsalita sa mga anak ni
Israel, na sinasabi, Pagka itatanong ng inyong mga anak sa
kanilang mga magulang sa panahong darating, na sasabihin,
Anong kahulugan ng mga batong ito? 22 Ay inyo ngang
ipatatalastas sa mga anak ninyo, na sasabihin, Ang Israel ay
tumawid sa Jordang ito sa tuyong lupa. 23 Sapagka't tinuyo
ng Panginoon ninyong Dios ang tubig ng Jordan sa harap
ninyo, hanggang sa kayo'y nakatawid, gaya ng ginawa ng
Panginoon ninyong Dios sa Dagat na Mapula, na kaniyang
tinuyo sa harap namin, hanggang sa kami ay nakatawid; 24
Upang makilala ng lahat na mga bayan sa lupa ang kamay
ng Panginoon, na makapangyarihan; upang sila'y matakot
sa Panginoon ninyong Dios magpakailan man.

5 At nangyari, nang mabalitaan ng lahat ng mga hari ng
mga Amorrheo na nasa dako roon ng Jordan sa dakong
kalunuran, at ng lahat ng mga hari ng mga Cananeo, na
nangasa tabi ng dagat, kung paanong tinuyo ng Panginoon
ang tubig ng Jordan sa harap ng mga anak ni Israel,
hanggang sa kami ay nangakatawid, na nanglumo ang
kanilang puso, at sila'y nawalan ng loob dahil sa mga anak
ni Israel. 2 Nang panahong yaon ay sinabi ng Panginoon
kay Josue, Gumawa ka ng mga sundang na pinkiang bato at
tuliin mo uli na ikalawa ang mga anak ni Israel. 3 At gumawa
si Josue ng mga sundang na pinkiang bato, at tinuli ang
mga anak ni Israel sa burol ng mga balat ng masama. 4
At ito ang dahil na itinuli ni Josue: ang buong bayan na
lumabas mula sa Egipto, na mga lalake, lahat na lalaking
pangdigma, ay namatay sa ilang sa daan, pagkatapos na
sila'y makalabas na mula sa Egipto. 5 Sapagka't ang buong

bayan na lumabas ay mga tuli; nguni't ang buong bayan na
ipinanganak sa ilang sa daan pagkalabas sa Egipto, ay hindi
tuli. **6** Sapagka't ang mga anak ni Israel ay lumakad na apat
na pung taon sa ilang, hanggang sa ang buong bansa, sa
makatuwid baga'y ang mga lalaking pangdigma na lumabas
mula sa Egipto, ay nalipol, sapagka't hindi nila dininig ang
tinig ng Panginoon: na siyang sinumpaan ng Panginoon
na hindi niya ipakikita sa kanila ang lupain na isinumpa
ng Panginoon sa kanilang mga magulang na ibibigay sa
atin, na lupaing binubukalan ng gatas at pulot. **7** At ang
kanilang mga anak na kaniyang ibinangong kahalili nila,
ay pinagtuli ni Josue, sapagka't mga hindi tuli, sapagka't
hindi nila tinuli sila sa daan. **8** At nangyari nang kanilang
matuli ang buong bansa, na tumahan sila sa kanilang mga
dako sa kampamento hanggang sa sila'y magsigaling. **9** At
sinabi ng Panginoon kay Josue, Sa araw na ito ay inalis ko
sa inyo ang pagdusta ng Egipto. Kaya't ang pangalan ng
dakong yaon ay tinawag na Gilgal hanggang sa araw na
ito. **10** At ang mga anak ni Israel ay humantong sa Gilgal;
at kanilang ipinagdiwang ang paskua nang ikalabing apat
na araw ng buwan sa kinahapunan sa mga kapatagan ng
Jerico. **11** At sila'y kumain ng imbak na trigo ng lupain sa
kinabukasan pagkatapos ng paskua, ng mga tinapay na
walang lebadura, at ng sinangag na trigo, sa araw ding yaon.
**12** At ang mana ay naglikat nang kinabukasan, pagkatapos
na sila'y makakain ng imbak na trigo ng lupain; at hindi
naman nagkaroon pa ng mana ang mga anak ni Israel;
kundi sila'y kumain ng bunga ng lupain ng Canaan ng taong
yaon. **13** At nangyari, nang si Josue ay malapit sa Jerico,
na kaniyang itiningin ang kaniyang mga mata at tumingin,
at, narito, nakatayo ang isang lalake sa tapat niya na may
kaniyang tabak sa kaniyang kamay na bunot: at si Josue
ay naparoon sa kaniya, at sinabi sa kaniya, Ikaw ba'y sa
amin, o sa aming mga kaaway? **14** At kaniyang sinabi,
Hindi; kundi ako'y naparito ng parang prinsipe ng hukbo ng
Panginoon. At si Josue ay nagpatirapa sa lupa at sumamba,
at nagsabi sa kaniya, Anong sabi ng aking panginoon sa
kaniyang lingkod? **15** At sinabi ng prinsipe ng hukbo ng
Panginoon kay Josue, Hubarin mo ang iyong panyapak sa
iyong paa; sapagka't ang dakong iyong kinatatayuan ay
banal. At ginawang gayon ni Josue.

**6** Ang Jerico nga ay lubos na nakukubkob dahil sa mga anak
ni Israel: walang nakalalabas, at walang nakapapasok.
**2** At sinabi ng Panginoon kay Josue, Tingnan mo, aking
ibinigay sa iyong kamay ang Jerico, at ang hari niyaon, at
ang mga makapangyarihang lalaking matapang. **3** At iyong
liligirin ang bayan, lahat ng mga lalaking pangdigma, na
liligid na minsan sa bayan. Ganito mo gagawin na anim
na araw. **4** At pitong saserdote sa unahan ng kaban ay
magdadala ng pitong pakakak na mga sungay ng tupa: at
sa ikapitong araw ay inyong liligiring makapito ang bayan,
at ang mga saserdote ay hihipan ang mga pakakak. **5** At
mangyayari, na pagka hinipan nila ng matagal ang sungay
ng tupa, at pagka inyong narinig ang tunog ng pakakak,
ay hihiyaw ng malakas ang buong bayan; at ang kuta ng
bayan ay guguho, at ang bayan ay sasampa ang bawa't
isa'y tapatan sa harap niya. **6** At tinawag ni Josue na anak
ni Nun ang mga saserdote, at sinabi sa kanila, Buhatin ninyo
ang kaban ng tipan, at magdala ang pitong saserdote ng
pitong pakakak na mga sungay ng tupa sa unahan ng kaban
ng Panginoon. **7** At kaniyang sinabi sa bayan, Magpauna
kayo, at ligirin ninyo ang bayan, at papagpaunahin ninyo
ang mga lalaking may sandata sa unahan ng kaban ng
Panginoon. **8** At nangyari, na pagkapagsalita ni Josue sa
bayan, ay nagpauna sa Panginoon ang pitong saserdote
na may tangang pitong pakakak na mga sungay ng tupa,
at humihip ng mga pakakak; at ang kaban ng tipan ng
Panginoon ay sumusunod sa kanila. **9** At ang mga lalaking
may sandata ay nagpauna sa mga saserdote na humihihip
ng mga pakakak, at ang bantay likod ay sumusunod sa
kaban, na ang mga saserdote ay humihip ng mga pakakak
habang sila'y yumayaon. **10** At iniutos ni Josue sa bayan, na
sinasabi, Huwag kayong hihiyaw, ni huwag ninyong iparinig
ang inyong tinig, ni huwag magbubuka ang inyong bibig
ng anomang salita, hanggang sa araw na aking sabihing
kayo'y humiyaw; kung magkagayo'y hihiyaw kayo. **11** Sa
gayo'y kaniyang iniligid sa bayan ang kaban ng Panginoon,
na lumigid na minsan: at sila'y nasok sa kampamento, at
tumigil sa kampamento. **12** At si Josue ay bumangong
maaga sa kinaumagahan, at binuhat ng mga saserdote
ang kaban ng Panginoon. **13** At ang pitong saserdote na
may tangang pitong pakakak na mga sungay ng tupa sa
unahan ng kaban ng Panginoon ay yumaon na patuloy,
at humihihip ng mga pakakak: at ang mga lalaking may
sandata ay nagpauna sa kanila; at ang bantay likod ay
sumusunod sa kaban ng Panginoon, na ang mga saserdote
ay humihihip ng mga pakakak habang sila'y yumayaon. **14**
At sa ikalawang araw ay kanilang niligid na minsan ang
bayan, at nagsibalik sa kampamento: kanilang ginawang
gayon na anim na araw. **15** At nangyari nang ikapitong araw,
na sila'y bumangong maaga sa pagbubukang liwayway,
at niligid ang bayan ng gayon ding paraan na makapito:
nang araw lamang na yaon kanilang niligid ang bayan
na makapito. **16** At nangyari, sa ikapito, nang humihip ng
mga pakakak ang mga saserdote, ay sinabi ni Josue sa
bayan, Humiyaw kayo; sapagka't ibinigay na ng Panginoon
sa inyo ang bayan. **17** At ang bayan ay matatalaga sa
Panginoon, yaon at ang lahat na tumatahan doon: si Rahab

na patutot lamang ang mabubuhay, siya at ang lahat na
kasama niya sa bahay, sapagka't kaniyang ikinubli ang mga
sugo na ating sinugo. 18 At kayo, sa anomang paraan ay
magsipagingat sa itinalagang bagay; baka pagka naitalaga
na sa inyo ay kumuha kayo sa itinalagang bagay; sa gayo'y
inyong ipasusumpa ang kampamento ng Israel, at inyong
babagabagin. 19 Nguni't lahat na pilak, at ginto, at mga
sisidlang tanso at bakal, ay banal sa Panginoon: pawang
ipapasok sa silid ng kayamanan ng Panginoon. 20 Sa gayo'y
humiyaw ang bayan, at ang mga saserdote ay humihip ng
mga pakakak: at nangyari nang marinig ng bayan ang tunog
ng pakakak na ang bayan ay humiyaw ng malakas, at ang
kuta ay gumuho, na ano pa't ang bayan ay sumampang
nasok sa siyudad, na bawa't isa'y matuwid na nagpatuloy, at
kanilang sinakop ang bayan. 21 At kanilang lubos na nilipol
ng talim ng tabak ang lahat na nasa bayan, ang lalake at
gayon din ang babae, ang binata at gayon din ang matanda,
at ang baka, at ang tupa, at ang asno. 22 At sinabi ni Josue
sa dalawang lalaking tumiktik sa lupain, Pumasok kayo sa
bahay ng patutot, at ilabas ninyo roon ang babae, at ang
lahat niyang tinatangkilik, na gaya ng inyong isinumpa sa
kaniya. 23 At ang mga binata na mga tiktik ay pumasok, at
inilabas si Rahab, at ang kaniyang ama, at ang kaniyang
ina, at ang kaniyang mga kapatid, at lahat ng kaniyang
tinatangkilik; lahat niyang kamaganakan naman ay kanilang
inilabas; at kanilang inilagay sila sa labas ng kampamento
ng Israel. 24 At kanilang sinunog ng apoy ang bayan, at
lahat na nandoon: ang pilak lamang, at ang ginto, at ang
mga sisidlang tanso at bakal, ang kanilang ipinasok sa silid
ng kayamanan ng bahay ng Panginoon. 25 Nguni't si Rahab
na patutot at ang sangbahayan ng kaniyang ama, at ang
lahat niyang tinatangkilik, ay iniligtas na buhay ni Josue; at
siya'y tumahan sa gitna ng Israel, hanggang sa araw na ito;
sapagka't kaniyang ikinubli ang mga sugo na sinugo ni Josue
upang tumiktik sa Jerico. 26 At binilinan sila ni Josue sa
pamamagitan ng sumpa nang panahong yaon, na sinasabi,
Sumpain ang lalake sa harap ng Panginoon, na magbangon
at magtayo nitong bayan ng Jerico; kaniyang inilagay ang
tatagang-baon niyaon sa kamatayan ng kaniyang panganay,
at kaniyang itatayo ang mga pintuang-bayan niyaon sa
kamatayan ng kaniyang bunso. 27 Sa gayo'y ang Panginoon
ay sumama kay Josue; at ang kaniyang kabantugan ay
lumaganap sa buong lupain.

**7** Nguni't ang mga anak ni Israel ay nakagawa ng
pagsalangsang sa itinalagang bagay: sapagka't si Achan
na anak ni Carmi, na anak ni Zabdi, na anak ni Zera, sa lipi
ni Juda; ay kumuha sa itinalagang bagay, at ang galit ng
Panginoon ay nagningas laban sa mga anak ni Israel. 2 At
mula sa Jerico ay nagsugo si Josue ng mga lalake sa Hai na
nasa siping ng Beth-aven, sa dakong silanganan ng Beth-
el, at nagsalita sa kanila, na nagsasabi, Sumampa kayo
at tiktikan ninyo ang lupain. At ang mga lalake ay yumaon
at tiniktikan ang Hai. 3 At sila'y nagsibalik kay Josue, at
sinabi sa kaniya, Huwag sumampa ang buong bayan, kundi
sumampa lamang ang dalawa o tatlong libong lalake at
sugatan ang Hai; huwag mong pagurin ang buong bayan
doon; sapagka't sila'y kakaunti. 4 Sa gayo'y sumampa roon
sa bayan ay may tatlong libong lalake: at sila'y tumakas sa
harap ng mga lalake sa Hai. 5 At ang mga lalake sa Hai ay
sumakit sa kanila ng may tatlong pu't anim na lalake; at
hinabol nila sila mula sa harap ng pintuang-bayan hanggang
sa Sebarim, at sinaktan sila sa babaan: at ang mga puso
ng mga tao ay nanglumo, at naging parang tubig. 6 At
hinapak ni Josue ang kaniyang mga suot, at nagpatirapa
sa lupa sa harap ng kaban ng Panginoon hanggang sa
kinahapunan, siya at ang mga matanda ng Israel; at sila'y
nagsipagbuhos ng alabok sa kanilang ulo. 7 At sinabi ni
Josue, Ay, Oh Panginoong Dios, bakit mo pinatawid ang
bayang ito sa Jordan, upang ibigay kami sa kamay ng mga
Amorrheo, na ipalipol kami? nakatigil sana kaming masaya
at nakatahan sa dakong yaon ng Jordan! 8 Oh Panginoon,
anong aking sasabihin pagkatapos na ang mga anak ng
Israel ay makatalikod sa harap ng kanilang mga kaaway! 9
Sapagka't mababalitaan ng mga Cananeo at ng lahat na
nananahan sa lupain, at kami ay kukubkubin at ihihiwalay
ang aming pangalan sa lupa: at ano ang iyong gagawin sa
iyong dakilang pangalan? 10 At sinabi ng Panginoon kay
Josue, Bumangon ka; bakit ka nagpatirapa ng ganito? 11
Ang Israel ay nagkasala; oo, kanilang sinalangsang din ang
aking tipan na aking iniutos sa kanila; oo, sila'y kumuha rin
sa itinalagang bagay, at nagnakaw rin, at nagbulaan din; at
sila'y naglagay rin sa kanilang sariling daladalahan. 12 Kaya't
ang mga anak ni Israel ay hindi makatatayo sa harap ng
kanilang mga kaaway; sila'y tumalikod sa harap ng kanilang
mga kaaway, sapagka't sila'y naging sinumpa: ako'y hindi
na sasa inyo pa, maliban sa inyong sirain ang itinalagang
bagay sa gitna ninyo. 13 Bumangon ka, papagbanalin
mo ang bayan, at sabihin mo, Mangagpakabanal kayo sa
kinabukasan: sapagka't ganito ang sabi ng Panginoon, ng
Dios ng Israel, May itinalagang bagay sa gitna mo, Oh
Israel: ikaw ay hindi makatatayo sa harap ng iyong mga
kaaway, hanggang sa inyong alisin ang itinalagang bagay
sa gitna ninyo. 14 Sa kinaumagahan nga ay lalapit kayo
ayon sa inyong mga lipi: at mangyayari, na ang lipi na
pipiliin ng Panginoon ay lalapit ayon sa mga angkan: at ang
angkan na pipiliin ng Panginoon ay lalapit ayon sa mga
sangbahayan; at ang sangbahayan na pipiliin ng Panginoon
ay lalapit bawa't lalake. 15 At mangyayari, na ang makunan

ng itinalagang bagay ay susunugin sa apoy, siya at ang
lahat niyang tinatangkilik: sapagka't kaniyang sinalangsang
ang tipan ng Panginoon, at sapagka't siya'y gumawa ng
kaululan sa Israel. 16 Sa gayo'y bumangong maaga si Josue
sa kinaumagahan, at inilapit ang Israel ayon sa kanilang
mga lipi: at ang lipi ni Juda ay napili: 17 At kaniyang inilapit
ang angkan ni Juda; at napili ang angkan ng mga Zeraita:
at kaniyang inilapit ang angkan ng mga Zeraita na bawa't
lalake; at si Zabdi ay napili: 18 At kaniyang inilapit ang
kaniyang sangbahayan bawa't lalake: at si Achan, na anak ni
Carmi, na anak ni Zabdi, na anak ni Zera, sa lipi ni Juda, ay
napili. 19 At sinabi ni Josue kay Achan, Anak ko, isinasamo
ko sa iyo, na iyong luwalhatiin ang Panginoon, ang Dios ng
Israel, at magpahayag ka sa kaniya; at ipahayag mo sa akin
ngayon kung ano ang iyong ginawa; huwag kang maglihim
sa akin. 20 At sumagot si Achan kay Josue, at sinabi, Sa
katotohanan ay nagkasala ako laban sa Panginoon, sa Dios
ng Israel, at ganito't ganito ang aking ginawa: 21 Nang
aking makita sa samsam ang mainam na balabal na yaring
Babilonia, at ang dalawang daang siklong pilak, at ang isang
dila na ginto, na limang pung siklo ang timbang, ay akin
ngang inimbot, at aking kinuha; at, narito, nangakukubli sa
lupa sa gitna ng aking tolda, at ang pilak ay nasa ilalim
niyaon. 22 Sa gayo'y nagsugo si Josue ng mga sugo at
kanilang tinakbo ang tolda; at, narito, nakakubli sa kaniyang
tolda, at ang pilak ay nasa ilalim niyaon. 23 At kanilang
kinuha sa gitna ng tolda, at dinala kay Josue, at sa lahat
ng mga anak ni Israel; at kanilang inilapag sa harap ng
Panginoon. 24 At kinuha ni Josue, at ng buong Israel na
kasama niya, si Achan na anak ni Zera at ang pilak, at ang
balabal, at ang dila na ginto, at ang kaniyang mga anak na
lalake at babae, at ang kaniyang mga baka, at ang kaniyang
mga asno, at ang kaniyang mga tupa, at ang kaniyang tolda,
at ang lahat niyang tinatangkilik: at kanilang isinampa sa libis
ng Achor. 25 At sinabi ni Josue, Bakit mo kami binagabag?
babagabagin ka sa araw na ito ng Panginoon. At binato siya
ng mga bato ng buong Israel; at sinunog nila sila sa apoy, at
binato sila ng mga bato. 26 At kanilang binuntunan siya ng
malaking bunton na mga bato, hanggang sa araw na ito; at
ang Panginoon ay nagpigil ng kabangisan ng kaniyang galit.
Kaya't ang pangalan ng dakong yaon ay tinawag na, Ang
libis ng Achor, hanggang sa araw na ito.

**8** At sinabi ng Panginoon kay Josue, Huwag kang matakot, ni
manglumo: ipagsama mo ang buong bayang pangdigma,
at bumangon ka, na sumampa ka sa Hai: tingnan mo,
aking ibinigay sa iyong kamay ang hari sa Hai, at ang
kaniyang bayan, at ang kaniyang siyudad, at ang kaniyang
lupain; 2 At iyong gagawin sa Hai at sa kaniyang hari
ang gaya ng iyong ginawa sa Jerico at sa kaniyang hari:
ang samsam lamang doon, at ang mga hayop niyaon, ang
iyong kukunin na pinakasamsam ninyo: lagyan mo ng mga
bakay ang bayan sa likuran. 3 Sa gayo'y bumangon si
Josue, at ang buong bayang pangdigma, upang sumampa
sa Hai: at pumili si Josue ng tatlong pung libong lalake, na
mga makapangyarihang lalaking matapang, at sinugo ng
kinagabihan. 4 At iniutos niya sa kanila, na sinasabi, Narito,
kayo'y babakay laban sa bayan, sa likuran ng bayan: huwag
kayong lumayong totoo sa bayan kundi humanda kayo; 5 At
ako, at ang buong bayan na kasama ko ay lalapit sa bayan.
At mangyayari, na pagka sila'y lumabas laban sa amin gaya
ng una, ay tatakas kami sa harap nila; 6 At sila'y lalabas
na susunod sa amin, hanggang sa aming mailayo sila sa
bayan, sapagka't kanilang sasabihin, Sila'y tumatakas sa
harap natin, na gaya ng una; gayon kami tatakas sa harap
nila: 7 At kayo'y babangon sa pagbakay, at inyong aariin ang
bayan: sapagka't ibibigay ng Panginoon ninyong Dios sa
inyong kamay. 8 At mangyayari, na pagka inyong nasakop
ang bayan, ay inyong sisilaban ng apoy ang bayan; ayon
sa salita ng Panginoon ay inyong gagawin: narito, aking
iniutos sa inyo. 9 At pinapagpaalam sila ni Josue: at sila'y
yumaon sa pagbakay, at lumagay sa pagitan ng Beth-el at
ng Hai, sa dakong kalunuran ng Hai: nguni't si Josue ay
tumigil ng gabing yaon sa gitna ng bayan. 10 At si Josue
ay bumangong maaga sa kinaumagahan, at binilang ang
bayan, at sumampa siya at ang mga matanda ng Israel,
sa unahan ng bayan, sa Hai. 11 At ang buong bayan, sa
makatuwid baga'y ang mga taong pangdigma na kinasama
niya, ay sumampa, at lumapit, at naparoon sa harap ng
bayan, at humantong sa dakong hilagaan ng Hai: mayroon
ngang isang libis sa pagitan niya at ng Hai. 12 At siya'y
kumuha ng may limang libong lalake at inilagay niya silang
bakay sa pagitan ng Beth-el at ng Hai sa dakong kalunuran
ng bayan. 13 Gayon inilagay nila ang bayan, ang buong
hukbo na nasa hilagaan ng bayan, at ang kanilang mga
bakay na nasa kalunuran ng bayan; at si Josue ay naparoon
ng gabing yaon sa gitna ng libis. 14 At nangyari, nang makita
ng hari sa Hai, na sila'y nagmadali at bumangong maaga,
at ang mga lalake sa bayan ay lumabas laban sa Israel
upang makipagbaka, siya at ang kaniyang buong bayan, sa
kapanahunang takda, sa harap ng Araba, nguni't hindi niya
talastas na may bakay laban sa kaniya sa likuran ng bayan.
15 At ginawa ni Josue at ng buong Israel na parang sila'y
nadaig sa harap nila, at tumakas sa daan na ilang. 16 At ang
lahat ng mga tao na nasa bayan ay pinisan upang humabol
sa kanila: at kanilang hinabol si Josue, at nangalayo sa
bayan. 17 At walang lalake na naiwan sa Hai o sa Beth-el,
na hindi humabol sa Israel: at kanilang iniwang bukas ang
bayan, at hinabol ang Israel. 18 At sinabi ng Panginoon kay

Josue, Iunat mo ang sibat na nasa iyong kamay sa dakong
Hai; sapagka't aking ibibigay sa iyong kamay. At iniunat ni
Josue ang sibat na nasa kaniyang kamay sa dakong bayan.
**19** At ang bakay ay bumangong bigla sa kanilang dako,
at sila'y tumakbo pagkaunat niya ng kaniyang kamay, at
pumasok sa bayan at sinakop at sila'y nagmadali at sinilaban
ang bayan. **20** At nang lumingon ang mga lalake sa Hai sa
likuran nila, ay kanilang nakita, at, narito, ang usok ng bayan
ay napaiilanglang sa langit, at wala silang kapangyarihan na
makatakas sa daang ito o sa daang yaon: at ang bayan na
tumakas sa ilang ay pumihit sa mga manghahabol. **21** At
nang makita ni Josue at ng buong Israel na nasakop ng
bakay ang bayan at ang usok ng bayan ay napaiilanglang,
ay nagsibalik nga uli sila at pinatay ang mga lalake sa Hai.
**22** At ang iba'y lumabas sa bayan laban sa kanila, na anopa't
sila'y nasa gitna ng Israel, na ang iba'y sa dakong ito, at ang
iba'y sa dakong yaon: at sinaktan nila sila, na anopa't wala
silang iniwan sa kanila na nalabi o nakatanan. **23** At ang
hari sa Hai ay hinuli nilang buhay, at dinala nila siya kay
Josue. **24** At nangyari, nang matapos ng Israel na mapatay
sa parang ang lahat ng mga taga Hai, sa ilang na kanilang
pinaghabulan sa kanila, at mangabuwal sa pamamagitan ng
talim ng tabak, hanggang sa nalipol nila sila, ay bumalik ang
buong Israel sa Hai, at sinugatan ng talim ng tabak. **25** At
ang lahat na nabuwal ng araw na yaon, lalake at gayon din
ang babae ay labing dalawang libo, lahat ng mga tao sa Hai.
**26** Sapagka't hindi iniurong ni Josue ang kaniyang kamay
na kaniyang ipinag-unat ng sibat hanggang sa kaniyang
nalipol na lubos ang lahat ng mga taga Hai. **27** Ang hayop
lamang at ang samsam sa bayan na yaon ang kinuha ng
Israel na pinakasamsam, ayon sa salita ng Panginoon na
kaniyang iniutos kay Josue. **28** Gayon sinunog ni Josue
ang Hai, at pinapaging isang bunton magpakailan man na
isang kagibaan, hanggang sa araw na ito. **29** At ibinitin
niya ang hari sa Hai sa isang punong kahoy hanggang sa
kinahapunan: at sa paglubog ng araw ay iniutos ni Josue,
at ibinaba nila ang kaniyang bangkay sa punong kahoy at
inihagis sa pasukan ng pintuan ng bayan, at binuntunan ng
malaking bunton ng mga bato, hanggang sa araw na ito. **30**
Nang magkagayo'y ipinagtayo ni Josue ng isang dambana
ang Panginoon, ang Dios ng Israel, sa bundok ng Ebal, **31**
Gaya ng iniutos ni Moises na lingkod ng Panginoon, sa mga
anak ni Israel, gaya ng nakasulat sa aklat ng kautusan ni
Moises, na isang dambana na hindi hinitsurahang mga bato,
na hindi pinagbuhatan ng sinomang tao ng bakal: at kanilang
pinaghandugan sa Panginoon ng mga handog na susunugin,
at pinaghainan ng mga handog tungkol sa kapayapaan.
**32** At siya'y sumulat doon sa mga bato ng isang salin ng
kautusan ni Moises na kaniyang sinulat, sa harap ng mga
anak ni Israel. **33** At ang buong Israel, at ang kanilang mga
matanda at mga pinuno at ang kanilang mga hukom, ay
tumayo sa dakong ito ng kaban at sa dakong yaon sa harap
ng mga saserdote na mga Levita, na nagdadala ng kaban
ng tipan ng Panginoon ang mga taga ibang lupa na gaya rin
ng mga taga-roon; kalahati nila ay sa harap ng bundok ng
Gerizim at kalahati nila ay sa harap ng bundok ng Ebal; gaya
ng iniutos ni Moises na lingkod ng Panginoon, na kanilang
basbasan muna ang bayan ng Israel. **34** At pagkatapos
ay kaniyang binasa ang lahat ng mga salita ng kautusan,
ang pagpapala at ang sumpa, ayon sa lahat na nakasulat
sa aklat ng kautusan. **35** Walang salita sa lahat na iniutos
ni Moises na hindi binasa ni Josue sa harap ng buong
kapulungan ng Israel at ng mga babae, at ng mga bata, at
ng mga taga ibang lupa na nakikipamayan sa kanila.

**9** At nangyari, nang mabalitaan ng lahat ng hari na nangasa
dako roon ng Jordan sa lupaing maburol, at sa mga
kapatagan, at sa lahat ng baybayin ng malaking dagat sa
tapat ng Libano, ng Hetheo, at ng Amorrheo, ng Cananeo,
ng Pherezeo, ng Heveo, at ng Jebuseo; **2** Ay nagpipisan
upang labanan si Josue at ang Israel, na may pagkakaisa. **3**
Nguni't nang mabalitaan ng mga taga Gabaon ang ginawa
ni Josue sa Jerico at sa Hai, **4** Ay gumawa naman silang
may katusuhan at yumaon at nagpakunwaring sila'y mga
sugo, at nagpasan ng mga lumang bayong sa kanilang
mga asno at mga sisidlang balat ng alak na luma, at punit
at tinahi; **5** At mga tagpi-tagping pangyapak na nakasuot
sa kanilang mga paa, at ng mga lumang bihisan na suot
nila; at ang lahat na tinapay na kanilang baon ay tuyo at
inaamag. **6** At sila'y nagsiparoon kay Josue sa kampamento
sa Gilgal, at nangagsabi sa kaniya at sa mga lalake ng
Israel, Kami ay mula sa malayong lupain: ngayon nga'y
makipagtipan kayo sa amin. **7** At sinabi ng mga lalake ng
Israel sa mga Heveo, Marahil kayo'y nananahang kasama
namin; at paanong kami ay makikipagtipan sa inyo? **8** At
kanilang sinabi kay Josue, Kami ay iyong mga lingkod. At
sinabi ni Josue sa kanila, Sino kayo at mula saan kayo? **9**
At sinabi nila sa kaniya, Mula sa totoong malayong lupain
ang iyong mga lingkod, dahil sa pangalan ng Panginoon
mong Dios: sapagka't aming nabalitaan ang kabantugan
niya, at ang lahat niyang ginawa sa Egipto, **10** At lahat ng
kaniyang ginawa sa dalawang hari ng mga Amorrheo, na
nasa dako roon ng Jordan, kay Sehon na hari sa Hesbon, at
kay Og, na hari sa Basan, na nasa Astaroth. **11** At ang aming
mga matanda at ang lahat na tagaroon sa aming lupain ay
nagsalita sa amin, na sinasabi, Magbaon kayo sa inyong
kamay ng maipaglalakbay, at yumaon kayo na salubungin
ninyo sila, at inyong sabihin sa kanila, Kami ay inyong mga
lingkod: at ngayo'y makipagtipan kayo sa amin. **12** Itong

aming tinapay ay kinuha naming mainit na pinakabaon
namin mula sa aming mga bahay nang araw na kami ay
lumabas na patungo sa inyo; nguni't ngayon, narito, tuyo at
inaamag: **13** At ang mga sisidlang balat ng alak na ito na
aming pinuno ay bago; at, narito, mga hapak: at itong aming
mga bihisan at aming mga pangyapak ay naluma dahil sa
totoong mahabang paglalakbay. **14** At kumuha ang mga tao
sa Israel ng kanilang baon, at hindi humingi ng payo sa bibig
ng Panginoon. **15** At si Josue ay nakipagpayapaan sa kanila
at nakipagtipan sa kanila, na pabayaan silang mabuhay: at
ang mga prinsipe ng kapisanan ay sumumpa sa kanila. **16** At
nangyari, sa katapusan ng tatlong araw, pagkatapos na sila'y
makapagtipanan sa kanila, na kanilang nabalitaan na sila'y
kanilang kalapit bayan, at sila'y nananahang kasama nila. **17**
At ang mga anak ni Israel ay naglakbay, at naparoon sa
kanilang mga bayan sa ikatlong araw. Ang kanila ngang mga
bayan ay Gabaon, Caphira, at Beeroth, at Kiriath-jearim.
**18** At hindi sila sinaktan ng mga anak ni Israel, sapagka't
ang mga prinsipe ng kapisanan ay sumumpa sa kanila sa
pangalan ng Panginoon, ng Dios ng Israel. At inupasala ng
buong kapisanan ang mga prinsipe. **19** Nguni't sinabi ng lahat
ng mga prinsipe sa buong kapisanan, Kami ay sumumpa sa
kanila sa pangalan ng Panginoon, ng Dios ng Israel: ngayon
nga'y hindi natin magagalaw sila. **20** Ito ang ating gagawin
sa kanila at sila'y ating pababayaang mabuhay; baka ang
pagiinit ay sumaatin dahil sa sumpa na ating isinumpa sa
kanila. **21** At sinabi ng mga prinsipe sa kanila, Pabayaan
silang mabuhay: sa gayo'y sila'y naging mamumutol ng
kahoy at mananalok ng tubig sa buong kapisanan; gaya ng
sinalita ng mga prinsipe sa kanila. **22** At ipinatawag sila ni
Josue, at nagsalita siya sa kanila, na sinasabi, Bakit kayo'y
nagdaya sa amin na nagsasabi, Kami ay totoong malayo
sa inyo; dangang nananahan kayong kasama namin? **23**
Ngayon nga'y sumpain kayo, at hindi mawawalan sa inyo
kailan man ng mga alipin, ng mamumutol ng kahoy at gayon
din ng mananalok ng tubig sa bahay ng aking Dios. **24** At
sila'y sumagot kay Josue, at nagsabi, Sapagka't tunay na
nasaysay sa iyong mga lingkod, kung paanong iniutos ng
Panginoon ninyong Dios kay Moises na kaniyang lingkod
na ibibigay sa inyo ang buong lupain, at inyong lilipulin
ang lahat na nananahan sa lupain sa harap ninyo; kaya't
ikinatakot naming mainam ang aming buhay dahil sa inyo, at
aming ginawa ang bagay na ito. **25** At ngayon, narito, kami
ay nasa iyong kamay: kung ano ang inaakala mong mabuti
at matuwid na gawin sa amin, ay gawin mo. **26** At gayon
ang ginawa niya sa kanila, at iniligtas niya sila sa kamay ng
mga anak ni Israel, na hindi sila pinatay. **27** At ginawa sila ni
Josue nang araw na yaon na mga mamumutol ng kahoy at
mga mananalok ng tubig sa kapisanan, at sa dambana ng
Panginoon, hanggang sa araw na ito, sa dakong kaniyang
pipiliin.

**10** Nangyari nga, nang mabalitaan ni Adoni-sedec na hari
sa Jerusalem na kung paanong nasakop ni Josue ang
Hari at nagibang lubos (na kung paanong kaniyang ginawa
sa Jerico at sa hari niyaon, gayon ang kaniyang ginawa sa
Hai at sa hari niyaon), at kung paanong nakipagpayapaan
sa kanila ang mga taga Gabaon, at nangasa gitna nila;
**2** Ay natakot silang mainam, sapagka't ang Gabaon ay
malaking bayan na gaya ng isa sa mga bayan ng hari,
at sapagka't lalong malaki kay sa Hai, at ang lahat na
lalake roon ay mga makapangyarihan. **3** Kaya't si Adoni-
sedec na hari sa Jerusalem ay nagsugo kay Oham na
hari sa Hebron, at kay Phiream na hari sa Jarmuth, at kay
Japhia, na hari sa Lachis, at kay Debir na hari sa Eglon na
ipinasasabi, **4** Sampahin ninyo ako at inyong tulungan ako,
at saktan natin ang Gabaon: sapagka't nakipagpayapaan
kay Josue at sa mga anak ni Israel. **5** Kaya't ang limang
hari ng mga Amorrheo, ang hari sa Jerusalem, ang hari sa
Hebron, ang hari sa Jarmuth, ang hari sa Lachis, ang hari sa
Eglon, ay nagpipisan at sumampa, sila at ang lahat nilang
hukbo, at humantong laban sa Gabaon, at nakipagdigma
laban doon. **6** At ang mga tao sa Gabaon ay nagsugo kay
Josue sa kampamento sa Gilgal, na sinasabi, Huwag mong
papanlambutin ang iyong kamay sa iyong mga lingkod;
sampahin mo kaming madali, at iligtas mo kami, at tulungan
mo kami: sapagka't ang lahat ng mga hari ng mga Amorrheo
na nangananahan sa lupaing maburol ay nagpipisan laban
sa amin. **7** Sa gayo'y sumampa si Josue mula sa Gilgal, siya
at ang buong bayang pangdigma na kasama niya, at ang
lahat ng mga makapangyarihang lalake na matatapang. **8** At
sinabi ng Panginoon kay Josue, Huwag mo silang katakutan:
sapagka't aking ibinigay sila sa iyong mga kamay; walang
lalake roon sa kanila na tatayo sa harap mo. **9** Si Josue
nga ay naparoong bigla sa kanila; siya'y sumampa mula sa
Gilgal buong gabi. **10** At nilito sila ng Panginoon sa harap
ng Israel, at kaniyang pinatay sila ng malaking pagpatay
sa Gabaon, at hinabol niya sila sa daan na sampahan sa
Beth-horon, at sinaktan niya sila hanggang sa Azeca, at sa
Maceda. **11** At nangyari, na habang tumatakas sa harap ng
Israel samantalang sila'y nasa babaan sa Beth-horon, na
binagsakan sila ng Panginoon sa Azeca ng mga malaking
bato na mula sa langit, at sila'y namatay: sila'y higit na
namatayan sa pamamagitan ng mga batong granizo kay sa
pinatay ng mga anak ni Israel sa pamamagitan ng tabak. **12**
Nang magkagayo'y nagsalita si Josue sa Panginoon nang
araw na ibinigay ng Panginoon ang mga Amorrheo sa harap
ng mga anak ni Israel; at kaniyang sinabi sa paningin ng
Israel, Araw, tumigil ka sa Gabaon; At ikaw, Buwan, sa libis

ng Ajalon. 13 At ang araw ay tumigil, at ang buwan ay
huminto, Hanggang sa ang bansa ay nakapanghiganti sa
kaniyang mga kaaway. Hindi ba ito nakasulat sa aklat ni
Jasher? At ang araw ay tumigil sa gitna ng langit, at hindi
nagmadaling lumubog sa isang buong araw. 14 At hindi
nagkaroon ng araw na gaya niyaon bago nangyari yaon o
pagkatapos niyaon, na ang Panginoon ay nakinig sa tinig ng
tao: sapagka't ipinakipaglaban ng Panginoon ang Israel.
15 At si Josue ay bumalik at ang buong Israel na kasama
niya, sa kampamento sa Gilgal. 16 At ang limang haring
ito ay tumakas at nagsipagkubli sa yungib sa Maceda. 17
At nasaysay kay Josue, na sinasabi, Ang limang hari ay
nasumpungan, na nakatago sa yungib sa Maceda. 18 At
sinabi ni Josue, Maggulong kayo ng mga malaking bato
sa bunganga ng yungib, at maglagay kayo ng mga lalake
roon upang magbantay sa kanila: 19 Nguni't huwag kayong
magsitigil; inyong habulin ang inyong mga kaaway, at inyong
sasaktan ang kahulihulihan sa kanila; huwag ninyong tiising
pumasok, sa kanilang mga bayan: sapagka't ibinigay sila ng
Panginoon ninyong Dios sa inyong kamay. 20 At nangyari,
nang makatapos si Josue at ang mga anak ni Israel ng
pagpatay ng malaking pagpatay sa kanila, hanggang sa
nangalipol at ang labi na natira sa kanila ay pumasok sa mga
nakukutaang bayan, 21 Na ang buong bayan ay bumalik
sa kampamento kay Josue sa Maceda na tiwasay: walang
maggalaw ng kaniyang dila laban sa kaninoman sa mga
anak ni Israel. 22 Nang magkagayo'y sinabi ni Josue, Inyong
buksan ang bunganga ng yungib, at inyong ilabas sa akin
ang limang haring iyan sa yungib. 23 At kanilang ginawang
gayon, at inilabas ang limang haring yaon mula sa yungib,
ang hari sa Jerusalem, ang hari sa Hebron, ang hari sa
Jarmuth, ang hari sa Lachis, ang hari sa Eglon. 24 At
nangyari, nang kanilang ilabas ang mga haring yaon kay
Josue na ipinatawag ni Josue ang lahat na lalake sa Israel,
at sinabi sa mga pinuno ng mga lalaking mangdidigma na
sumama sa kaniya, Lumapit kayo, ilagay ninyo ang inyong
mga paa sa mga leeg ng mga haring ito. At sila'y lumapit at
inilagay ang kanilang mga paa sa mga leeg ng mga yaon.
25 At sinabi ni Josue sa kanila, Huwag kayong matakot, ni
manglupaypay; kayo'y magpakalakas at magpakatapang
na maigi: sapagka't ganito ang gagawin ng Panginoon sa
lahat ninyong mga kaaway na inyong kinakalaban. 26 At
pagkatapos ay sinaktan sila ni Josue, at ipinapatay sila, at
ibinitin sila sa limang puno ng kahoy; at sila'y nangabitin
sa mga puno ng kahoy hanggang sa kinahapunan. 27 At
nangyari sa paglubog ng araw, na si Josue ay nagutos at
kanilang ibinaba sa mga punong kahoy, at kanilang inihagis
sa yungib na kanilang pinagtaguan, at kanilang nilagyan ng
mga malaking bato ang bunganga ng yungib hanggang sa
araw na ito. 28 At sinakop ni Josue ang Maceda nang araw
na yaon, at sinugatan ng talim ng tabak, at ang hari niyaon;
kaniyang lubos silang nilipol at ang lahat na tao na nandoon,
wala siyang iniwang nalabi: at kaniyang ginawa sa hari sa
Maceda ang gaya ng kaniyang ginawa sa hari ng Jerico. 29
At si Josue ay dumaan mula sa Maceda, at ang buong Israel
na kasama niya, hanggang sa Libna, at lumaban sa Libna:
30 At ibinigay rin ng Panginoon, sangpu ng hari niyaon, sa
kamay ng Israel; at kaniyang sinugatan ng talim ng tabak,
at ang lahat na tao na nandoon; wala siyang iniwan doon;
at kaniyang ginawa sa hari niyaon ang gaya ng kaniyang
ginawa sa hari sa Jerico. 31 At dumaan si Josue mula sa
Libna, at ang buong Israel na kasama niya, hanggang sa
Lachis, at humantong laban doon, at lumaban doon. 32 At
ibinigay ng Panginoon ang Lachis sa kamay ng Israel at
kaniyang sinakop sa ikalawang araw, at sinugatan ng talim
ng tabak, at ang lahat na tao na nandoon, ayon sa lahat
na ginawa niya sa Libna. 33 Nang magkagayo'y sumampa
si Horam na hari sa Gezer upang tulungan ang Lachis; at
sinaktan ni Josue siya at ang kaniyang bayan, hanggang sa
walang iniwan siya. 34 At dumaan si Josue mula sa Lachis,
at ang buong Israel na kasama niya, hanggang sa Eglon; at
sila'y humantong laban doon, at nakipaglaban doon; 35 At
kanilang sinakop nang araw na yaon, at sinugatan ng talim
ng tabak, at ang lahat na tao na nandoon ay kaniyang lubos
na nilipol nang araw na yaon, ayon sa lahat niyang ginawa
sa Lachis. 36 At sumampa si Josue mula sa Eglon, at ang
buong Israel na kasama niya, hanggang sa Hebron; at sila'y
nakipaglaban doon: 37 At kanilang sinakop, at sinugatan
ng talim ng tabak, at ang hari niyaon, at ang lahat ng mga
bayan niyaon, at ang lahat na tao na nandoon; wala siyang
iniwang nalabi, ayon sa lahat niyang ginawa sa Eglon; kundi
kaniyang lubos na nilipol, at ang lahat na tao na nandoon. 38
At si Josue at ang buong Israel na kasama niya ay bumalik
sa Debir; at nakipaglaban doon: 39 At kaniyang sinakop
at ang hari niyaon, at ang lahat ng mga bayan niyaon; at
kanilang sinugatan ng talim ng tabak at lubos na nilipol
ang lahat na tao na nandoon: wala siyang iniwang nalabi:
kung paano ang kaniyang ginawa sa Hebron, ay gayon
ang kaniyang ginawa sa Debir, at sa hari niyaon; gaya ng
kaniyang ginawa sa Libna at sa hari niyaon. 40 Ganito
sinaktan ni Josue ang buong lupain, ang lupaing maburol, at
ang Timugan, at ang mababang lupain, at ang mga tagudtod,
at ang lahat ng hari niyaon; wala siyang iniwang nalabi:
kundi kaniyang lubos na nilipol ang lahat na humihinga, gaya
ng iniutos ng Panginoon ng Dios ng Israel. 41 At sinaktan
sila ni Josue mula sa Cades-barnea hanggang sa Gaza,
at ang buong lupain ng Gosen, hanggang sa Gabaon. 42
At ang lahat ng mga haring ito at ang kanilang lupain ay

sinakop ni Josue na paminsan, sapagka't ipinakipaglaban ng
Panginoon, ng Dios ng Israel. 43 At si Josue at ang buong
Israel na kasama niya ay bumalik sa kampamento sa Gilgal.

**11** At nangyari nang mabalitaan ni Jabin na hari sa Hasor,
na siya'y nagsugo kay Jobab na hari sa Madon, at
sa hari sa Simron, at sa hari sa Achsaph, 2 At sa mga
hari na nangasa hilagaan, sa lupaing maburol, at sa Araba
sa timugan ng Cinneroth at sa mababang lupain, at sa
mga kaitaasan ng Dor sa kalunuran, 3 Sa Cananeo sa
silanganan at sa kalunuran at sa Amorrheo, at sa Hetheo,
at sa Pherezeo, at sa Jebuseo sa lupaing maburol, at sa
Heveo sa ibaba ng Hermon, sa lupain ng Mizpa. 4 At sila'y
lumabas, sila at ang kanilang mga hukbo na kasama nila,
maraming tao, na gaya nga ng mga buhangin na nasa
baybayin ng dagat sa karamihan, na may mga kabayo
at mga karo na totoong marami. 5 At ang lahat ng mga
haring ito ay nagpipisan; at sila'y naparoon at humantong na
magkakasama sa tubig ng Merom, upang makipaglaban sa
Israel. 6 At sinabi ng Panginoon kay Josue, Huwag kang
matakot ng dahil sa kanila; sapagka't bukas sa ganitong
oras ay ibibigay ko silang lahat na patay sa harap ng Israel:
inyong pipilayan ang kanilang mga kabayo, at sisilaban ng
apoy ang kanilang mga karo. 7 Sa gayo'y biglang naparoon
si Josue, at ang buong bayang pangdigma na kasama niya,
laban sa kanila sa tabi ng tubig ng Merom, at dumaluhong
sila sa kanila. 8 At ibinigay sila ng Panginoon sa kamay
ng Israel, at sinaktan nila, at hinabol nila sila hanggang
sa malaking Sidon, at hanggang sa Misrephoth-maim, at
hanggang sa libis ng Mizpa, sa dakong silanganan; at
sinaktan nila sila hanggang sa wala silang iniwan sa kanila
nalabi. 9 At ginawa ni Josue sa kanila ang gaya ng iniutos
ng Panginoon sa kaniya; kaniyang pinilayan ang kanilang
mga kabayo, at sinilaban ng apoy ang kanilang mga karo.
10 At bumalik si Josue nang panahong yaon at sinakop ang
Hasor, at sinugatan ng tabak ang hari niyaon: sapagka't ang
Hasor ng una ay pangulo ng lahat ng mga kahariang yaon.
11 At kanilang sinugatan ng talim ng tabak ang lahat na tao
na nandoon, na kanilang lubos na nilipol: walang naiwan na
may hininga, at kaniyang sinilaban ng apoy ang Hasor. 12 At
ang lahat ng mga bayan ng mga haring yaon at ang lahat ng
mga hari ng mga yaon ay sinakop ni Josue, at sinugatan
niya sila ng talim ng tabak at lubos na nilipol sila; gaya
ng iniutos ni Moises na lingkod ng Panginoon. 13 Nguni't
tungkol sa mga bayang natatayo sa kanilang mga bunton,
ay walang sinunog ang Israel sa mga yaon, liban sa Hasor
lamang, na sinunog ni Josue. 14 At ang lahat na samsam sa
mga bayang ito at ang mga hayop ay kinuha ng mga anak ni
Israel na pinakasamsam para sa kanilang sarili; nguni't ang
bawa't tao ay sinugatan nila ng talim ng tabak hanggang
sa kanilang nalipol sila, ni hindi nagiwan sila ng anomang
may hininga. 15 Kung paanong nagutos ang Panginoon kay
Moises na kaniyang lingkod, ay gayon nagutos si Moises
kay Josue: at gayon ang ginawa ni Josue; wala siyang
iniwang hindi yari sa lahat na iniutos ng Panginoon kay
Moises. 16 Sa gayo'y sinakop ni Josue ang buong lupaing
yaon, ang lupaing maburol, at ang buong Timugan, at ang
buong lupain ng Gosen, at ang mababang lupain, at ang
Araba, at ang lupaing maburol ng Israel, at ang mababang
lupain niyaon; 17 Mula sa bundok ng Halac na paahon sa
Seir, hanggang sa Baal-gad sa libis ng Libano sa ibaba ng
bundok Hermon: at kinuha niya ang lahat nilang hari, at
sinaktan niya sila at ipinapatay niya sila. 18 Si Josue ay
nakipagdigmang malaong panahon sa lahat ng mga haring
yaon. 19 Walang bayan na nakipagpayapaan sa mga anak ni
Israel, liban ang mga Heveo na mga taga Gabaon: kanilang
kinuhang lahat sa pakikipagbaka. 20 Sapagka't inakala nga
ng Panginoon na papagmatigasin ang kanilang puso, upang
pumaroon laban sa Israel sa pakikipagbaka, upang kanilang
malipol silang lubos, na huwag silang magtamo ng biyaya,
kundi kaniyang malipol sila, gaya ng iniutos ng Panginoon
kay Moises. 21 At naparoon si Josue nang panahong yaon
at nilipol ang mga Anaceo mula sa lupaing maburol, sa
Hebron, sa Debir, sa Anab, at sa buong lupaing maburol ng
Juda, at sa buong lupaing maburol ng Israel: nilipol silang
lubos ni Josue sangpu ng kanilang mga bayan. 22 Walang
naiwan sa mga Anaceo sa lupain ng mga anak ni Israel: sa
Gaza, sa Gath, at sa Asdod lamang, nagiwan siya ng ilan.
23 Gayon sinakop ni Josue ang buong lupain ayon sa lahat
na sinalita ng Panginoon kay Moises; at ibinigay ni Josue
na pinakamana sa Israel, ayon sa kanilang pagkakabahagi
sangayon sa kanilang mga lipi. At ang lupain ay nagpahinga
sa pakikipagdigma.

**12** Ang mga ito nga ang mga hari sa lupain na sinaktan
ng mga anak ni Israel, at inari ang kanilang lupain sa
dako roon ng Jordan na dakong sinisikatan ng araw mula
sa libis ng Arnon hanggang sa bundok ng Hermon, at ng
buong Araba na dakong silanganan: 2 Si Sehon na hari ng
mga Amorrheo, na nanahan sa Hesbon at nagpuno mula
sa Aroer, na nasa tabi ng libis ng Arnon at ang bayan na
nasa gitna ng libis, at ang kalahati ng Galaad, hanggang sa
ilog Jaboc, na hangganan ng mga anak ni Ammon; 3 At
ang Araba hanggang sa dagat ng Cinneroth, na dakong
silanganan, at hanggang sa dagat ng Araba, Dagat na
Alat, na dakong silanganan, na daang patungo sa Beth-
jesimoth; at sa timugan sa ilalim ng mga tagudtod ng Pisga:
4 At ang hangganan ni Og na hari sa Basan, sa nalabi ng
mga Rephaim na nanahan sa Astaroth at sa Edrei, 5 At
nagpuno sa bundok ng Hermon, at sa Salca, at sa buong

Basan, hanggang sa hangganan ng mga Gessureo at ng
mga Maachateo, at ng kalahati ng Galaad, na hangganan
ni Sehon na hari sa Hesbon. **6** Sinaktan sila ni Moises na
lingkod ng Panginoon at ng mga anak ni Israel: at ibinigay
ni Moises na lingkod ng Panginoon na pinakaari sa mga
Rubenita, at sa mga Gadita, at sa kalahating lipi ni Manases.
**7** At ang mga ito'y ang mga hari ng lupain na sinaktan ni
Josue at ng mga anak ni Israel sa dako roon ng Jordan
na dakong kalunuran, mula sa Baal-gad na libis ng Libano
hanggang sa bundok ng Halac, na pasampa sa Seir (at
ibinigay ni Josue na pinakaari sa mga lipi ng Israel ayon
sa kanilang pagkakabahagi; **8** Sa lupaing maburol, at sa
mababang lupain, at sa Araba, at sa mga tagudtod, at sa
ilang, at sa Timugan; ang Hatheo, ang Amorrheo, at ang
Cananeo, ang Pherezeo, ang Heveo, at ang Jebuseo); **9**
Ang hari sa Jerico, isa; ang hari sa Hai na nasa tabi ng Beth-
el, isa; **10** Ang hari sa Jerusalem, isa; ang hari sa Hebron,
isa. **11** Ang hari sa Jarmuth, isa; ang hari sa Lachis, isa; **12**
Ang hari sa Eglon, isa; ang hari sa Gezer, isa; **13** Ang hari
sa Debir, isa; ang hari sa Geder, isa; **14** Ang hari sa Horma,
isa; ang hari sa Arad, isa; **15** Ang hari sa Libna, isa; ang hari
sa Adullam, isa; **16** Ang hari sa Maceda, isa; ang hari sa
Beth-el, isa; **17** Ang hari sa Tappua, isa; ang hari sa Hepher,
isa; **18** Ang hari sa Aphec, isa; ang hari sa Lasaron, isa; **19**
Ang hari sa Madon, isa; ang hari sa Hasor, isa; **20** Ang hari
sa Simron-meron, isa; ang hari sa Achsaph, isa; **21** Ang hari
sa Taanach, isa; ang hari sa Megiddo, isa; **22** Ang hari sa
Chedes, isa; ang hari sa Jocneam sa Carmel, isa; **23** Ang
hari sa Dor sa kaitaasan ng Dor, isa; ang hari ng mga bansa
sa Gilgal, isa; **24** Ang hari sa Tirsa, isa; lahat ng hari ay
tatlong pu't isa;

**13** Si Josue nga'y matanda at puspos ng mga taon; at
sinabi ng Panginoon sa kaniya, Ikaw ay matanda at
puspos ng mga taon, at may nalalabi pang totoong maraming
lupain na aariin. **2** Ito ang lupain na nalalabi pa: ang lahat na
lupain ng mga Filisteo, at ang lahat na Gessureo: **3** Mula sa
Sihor na nasa tapat ng Egipto, hanggang sa hangganan ng
Accaron na dakong hilagaan, na nabilang sa mga Cananeo:
ang limang pangulo ng mga Filisteo, ang mga Gazeo,
ang mga Asdodeo, ang mga Ascaloneo, ang mga Getheo,
ang mga Accaronneo; gayon din ang mga Heveo, **4** Sa
dakong timugan: ang lahat na lupain ng mga Cananeo,
at ang Mehara, na nauukol sa mga Sidonio hanggang sa
Aphec, na hangganan ng mga Amorrheo; **5** At ang lupain ng
mga Gebalita at ang buong Libano, sa dakong sinisikatan
ng araw, mula sa Baal-gad, sa ibaba ng bundok Hermon
hanggang sa pasukan sa Hamat: **6** Ang lahat ng taga lupaing
maburol mula sa Libano hanggang sa Misrephoth-maim, sa
makatuwid baga'y lahat ng mga Sidonio; sila'y aking itataboy
mula sa harap ng mga anak ni Israel: iyo lamang bahagihin
sa Israel na pinakamana, gaya ng iniutos ko sa iyo. **7** Iyo
ngang bahagihin ang lupaing ito na pinakamana sa siyam na
lipi, at sa kalahating lipi ni Manases. **8** Sa kaniya'y tinanggap
ng mga Rubenita at ng mga Gadita, ang kanilang mana, na
ibinigay sa kanila ni Moises, sa dako roon ng Jordan na
dakong silanganan gaya ng ibinigay sa kanila ni Moises
na lingkod ng Panginoon; **9** Mula sa Aroer na nasa tabi ng
libis ng Arnon, at ang bayan na nasa gitna ng libis, at ng
buong kapatagan ng Medeba hanggang sa Dibon: **10** At
ang lahat na bayan ni Sehon na hari ng mga Amorrheo, na
naghahari sa Hesbon hanggang sa hangganan ng mga anak
ni Ammon; **11** At ang Galaad, at ang hangganan ng mga
Gessureo at ng mga Maachateo at ang buong bundok ng
Hermon, at ang buong Basan hanggang sa Salca; **12** Ang
buong kaharian ni Og sa Basan, na naghari sa Astaroth
at sa Edrei (na siyang naiwang labi sa mga Rephaim);
sapagka't sinaktan ang mga ito ni Moises at mga itinaboy.
**13** Gayon ma'y hindi itinaboy ng mga anak ni Israel ang mga
Gessureo, ni ang mga Maachateo; kundi ang Gessureo at
ang Maachateo ay tumahan sa gitna ng Israel hanggang
sa araw na ito. **14** Ang lipi lamang ni Levi ang hindi niya
binigyan ng mana; ang mga handog sa Panginoon, sa Dios
ng Israel na pinaraan sa apoy ay siyang kaniyang mana,
gaya ng sinalita niya sa kaniya. **15** At nagbigay si Moises sa
lipi ng mga anak ni Ruben ng ayon sa kanilang mga angkan.
**16** At ang kanilang hangganan ay mula sa Aroer, na nasa
tabi ng libis ng Arnon, at ang bayang nasa gitna ng libis, at
ang buong kapatagan sa tabi ng Medeba; **17** Ang Hesbon
at ang lahat ng mga bayan niyaon na nasa kapatagan;
ang Dibon at ang Bamoth-baal, at ang Beth-baal-meon;
**18** At ang Jaas, at ang Ced-demoth, at ang Mephaath; **19**
At ang Chiriataim, at ang Sibma, at ang Zereth-shahar, sa
bundok ng libis; **20** At ang Beth-peor, at ang mga tagudtod
ng Pisga, at ng Beth-jesimoth; **21** At ang lahat ng mga bayan
sa kapatagan at ang buong kaharian ni Sehon na hari ng
mga Amorrheo na naghari sa Hesbon, na siyang sinaktan ni
Moises na gayon din ang mga pinuno sa Madian, si Hevi, si
Recem, at si Sur, at si Hur, at si Reba, na mga prinsipe ni
Sehon, na tumahan sa lupain. **22** Si Balaam man na anak ni
Beor na manghuhula, ay pinatay ng mga anak ni Israel ng
tabak sa gitna ng nalabi sa kanilang nangapatay. **23** At ang
hangganan ng mga anak ni Ruben ay ang Jordan, at ang
hangganan niyaon. Ito ang mana ng mga anak ni Ruben
ayon sa kanilang mga angkan, ang mga bayan at ang mga
nayon niyaon. **24** At si Moises ay nagbigay sa lipi ni Gad, sa
mga anak ni Gad, ng ayon sa kanilang mga angkan. **25**
At ang kanilang hangganan ay ang Jacer, at ang lahat na
bayan ng Galaad, at ang kalahati ng lupain ng mga anak ni

Ammon hanggang sa Aroer na nasa tapat ng Rabba; 26 At
mula sa Hesbon hanggang sa Ramathmizpe, at sa Betonim;
at mula sa Mahanaim hanggang sa hangganan ng Debir. 27
At sa libis, ang Beth-aram, at ang Beth-nimra, at ang Sucoth,
at ang Saphon, na labis ng kaharian ni Sehon na hari sa
Hesbon, ang Jordan at ang hangganan niyaon, hanggang sa
kadulududuluhang bahagi ng dagat ng Cinnereth, sa dako roon
ng Jordan na dakong silanganan. 28 Ito ang mana ng mga
anak ni Gad ayon sa kanilang mga angkan, ang mga bayan
at ang mga nayon niyaon. 29 At si Moises ay nagbigay ng
mana sa kalahating lipi ni Manases: at yao'y sa kalahating
lipi ng mga anak ni Manases ayon sa kanilang mga angkan.
30 At ang kanilang hangganan ay mula sa Mahanaim, ang
buong Basan, ang buong kaharian ni Og na hari sa Basan at
ang lahat ng mga bayan ng Jair na nasa Basan, anim na
pung bayan. 31 At ang kalahati ng Galaad at ang Astaroth at
ang Edrei, ang mga bayan ng kaharian ni Og sa Basan, ay
sa mga anak ni Machir na anak ni Manases, sa makatuwid
baga'y sa kalahati ng mga anak ni Machir ayon sa kanilang
mga angkan. 32 Ito ang mga mana na binahagi ni Moises sa
mga kapatagan ng Moab, sa dako roon ng Jordan sa Jerico,
na dakong silanganan. 33 Nguni't sa lipi ni Levi ay walang
ibinigay si Moises na mana: ang Panginoon, ang Dios ng
Israel ay siyang kanilang mana, gaya ng kaniyang sinalita sa
kanila.

**14** At ito ang mga mana na sinakop ng mga anak ni Israel
sa lupain ng Canaan, na binahagi sa kanila ni Eleazar
na saserdote, at ni Josue na anak ni Nun, at ng mga pangulo
ng mga sangbahayan ng mga magulang ng mga lipi ng mga
anak ni Israel, 2 Sa pamamagitan ng sapalaran ng kanilang
mana, gaya ng iniutos ng Panginoon sa pamamagitan ni
Moises, sa siyam na lipi, at sa kalahating lipi. 3 Sapagka't
nabigyan na ni Moises ng mana ang dalawang lipi at ang
kalahating lipi sa dako roon ng Jordan: nguni't sa mga Levita
ay wala siyang ibinigay na mana sa kanila. 4 Sapagka't ang
mga anak ni Jose ay naging dalawang lipi ang Manases at
ang Ephraim: at hindi sila nagbigay ng bahagi sa mga Levita
sa lupain, liban ang mga bayan na matahanan, pati ng mga
nayon niyaon sa kanilang hayop at sa kanilang pag-aari. 5
Kung paano iniutos ng Panginoon kay Moises, ay gayon
ang ginawa ng mga anak ni Israel, at kanilang binahagi ang
lupain. 6 Nang magkagayo'y lumapit ang mga anak ni Juda
kay Josue sa Gilgal: at sinabi sa kaniya ni Caleb na anak ni
Jephone na Cenezeo, Iyong talastas ang bagay na sinalita
ng Panginoon kay Moises na lalake ng Dios, tungkol sa
akin at tungkol sa iyo sa Cades-barnea. 7 Ako'y may apat
na pung taon nang ako'y suguin ni Moises na lingkod ng
Panginoon mula sa Cades-barnea upang tiktikan ang lupain;
at aking dinalhan ng sagot siya ng gaya ng nasa aking puso.
8 Gayon ma'y pinapanglumo ng mga kapatid na kasama
ko ang puso ng bayan: nguni't ako'y lubos na sumunod sa
Panginoon kong Dios. 9 At si Moises ay sumumpa nang araw
na yaon, na nagsasabi, Tunay na ang lupain na tinuntungan
ng iyong paa ay magiging isang mana sa iyo at sa iyong mga
anak magpakailan man, sapagka't sumunod kang lubos sa
Panginoon kong Dios. 10 At ngayon, narito, iningatan akong
buhay ng Panginoon, gaya ng kaniyang sinalita, nitong
apat na pu't limang taon, mula nang panahon na salitain
ng Panginoon ang salitang ito kay Moises, samantalang
lumalakad ang Israel sa ilang; at ngayon, narito, sa araw
na ito ako'y may walong pu't limang taon na. 11 Gayon
ma'y malakas pa ako sa araw na ito na gaya nang araw na
suguin ako ni Moises: kung paano nga ang lakas ko noon,
ay gayon ang lakas ko ngayon, sa pakikidigma, at gayon
din sa paglalabas pumasok. 12 Ngayon nga'y ibigay mo sa
akin ang lupaing maburol na ito na sinalita ng Panginoon
nang araw na yaon: sapagka't iyong nabalitaan nang araw
na yaon kung paanong nariyan ang mga Anaceo, at mga
bayang malalaki at nakukutaan: marahil ay sasa akin ang
Panginoon, at akin silang maitataboy na gaya ng sinalita
ng Panginoon. 13 At binasbasan siya ni Josue at kaniyang
ibinigay ang Hebron kay Caleb na Anak ni Jephone, na
pinakaari niya. 14 Kaya't ang Hebron ay naging mana ni
Caleb na anak ni Jephone na Cenezeo hanggang sa araw
na ito; sapagka't kaniyang lubos na sinunod ang Panginoon,
ang Dios ng Israel. 15 Ang pangalan nga ng Hebron nang
una ay Chiriath-arba; na siyang Arba na pinaka malaking
lalake sa mga Anaceo. At ang lupain ay nagpahinga sa
pakikidigma.

**15** At naging kapalaran ng lipi ng mga anak ni Juda ayon
sa kanilang mga angkan ay hanggang sa hangganan
ng Edom; hanggang sa ilang ng Zin na dakong timugan,
sa kahulihulihang bahagi ng timugan. 2 At ang kanilang
hangganang timugan ay mula sa kahulihulihang bahagi
ng Dagat na Alat, mula sa dagat-dagatan na nakaharap
sa dakong timugan: 3 At palabas sa dakong timugan ng
pagsampa sa Acrabim, at patuloy sa Zin at pasampa sa
timugan ng Cades-barnea, at patuloy sa Hezron, at pasampa
sa Addar, at paliko sa Carca: 4 At patuloy sa Azmon,
at palabas sa batis ng Egipto, at ang mga labasan ng
hangganan ay sa dagat: ito ang magiging inyong hangganang
timugan. 5 At ang hangganang silanganan ay ang Dagat na
Alat, hanggang sa katapusan ng Jordan. At ang hangganan
ng hilagaang dako ay mula sa dagat-dagatan ng dagat na
nasa katapusan ng Jordan: 6 At pasampa ang hangganan
sa Beth-hogla, at patuloy sa hilagaan ng Beth-araba; at
ang hangganan ay pasampa sa bato ni Bohan na anak ni
Ruben: 7 At ang hangganan ay pasampa sa Debir mula

sa libis ng Achor, at gayon sa dakong hilagaang paharap
sa dakong Gilgal, na nasa tapat ng pagsampa sa Adumin,
na nasa dakong timugan ng ilog: at ang hangganan ay
patuloy sa tubig ng En-semes, at ang mga labasan niyaon
ay sa En-rogel: 8 At ang hangganan ay pasampa sa libis ng
anak ni Hinnom hanggang sa dako ng Jebuseo na dakong
timugan (na siya ring Jerusalem): at ang hangganan ay
pasampa sa taluktok ng bundok na dumudoon sa harap ng
libis ng Hinnom na dakong kalunuran, na sa kahulihulihang
bahagi ng libis ng Rephaim na dakong hilagaan: 9 At ang
hangganan ay paabot mula sa taluktok ng bundok hanggang
sa bukal ng tubig ng Nephtoa, at palabas sa mga bayan
ng bundok ng Ephron, at ang hangganan ay paabot sa
Baala (na siya ring Chiriath-jearim): 10 At ang hangganan ay
paliko mula sa Baala sa dakong kalunuran sa bundok ng
Seir, at patuloy sa tabi ng bundok Jearim sa hilagaan (na
siya ring Chesalon), at pababa sa Beth-semes at patuloy
sa Timna. 11 At ang hangganan ay palabas sa siping ng
Ecron na dakong hilagaan; at ang hangganan ay paabot
sa Sicheron, at patuloy sa bundok ng Baala, at palabas sa
Jabneel; at ang mga labasan ng hangganan ay sa dagat. 12
At ang hangganang kalunuran ay ang malaking dagat, at
ang hangganan niyaon. Ito ang hangganan ng mga anak
ni Juda sa palibot, ayon sa kanilang mga angkan. 13 At
kay Caleb na anak ni Jephone ay nagbigay siya ng isang
bahagi sa gitna ng mga anak ni Juda, ayon sa utos ng
Panginoon kay Josue, sa makatuwid baga'y ang Chiriath-
arba, na siyang Arba na ama ni Anac (na siya ring Hebron).
14 At pinalayas ni Caleb mula roon ang tatlong anak ni Anac:
si Sesai, si Aiman at si Talmai, na mga anak ni Anac. 15
At siya'y sumampa mula roon laban sa mga taga Debir:
ang pangalan nga ng Debir nang una ay Chiriath-sepher.
16 At sinabi ni Caleb, Ang sumakit sa Chiriath-sepher at
sumakop, sa kaniya ko papagaasawahin si Axa na aking
anak na babae. 17 At sinakop ni Othoniel na anak ni Cenez,
na kapatid ni Caleb: at pinapagasawa niya sa kaniya si
Axa na kaniyang anak na babae. 18 At nangyari, nang si
Axa ay malakip sa kaniya, na kinilos nito siya na humingi
sa kaniyang ama ng isang parang: at siya'y bumaba sa
kaniyang asno, at sinabi ni Caleb sa kaniya, Anong ibig mo?
19 At kaniyang sinabi, Pagpalain mo ako; sapagka't inilagay
mo ako sa lupaing Timugan, ay bigyan mo rin ako ng mga
bukal ng tubig. At ibinigay niya sa kaniya ang mga bukal sa
itaas at ang mga bukal sa ibaba. 20 Ito ang mana ng lipi ng
mga anak ni Juda ayon sa kanilang mga angkan. 21 At ang
mga kadulududuluhang bayan ng lipi ng mga anak ni Juda
sa dako ng hangganan ng Edom sa timugan ay Cabseel,
at Eder, at Jagur, 22 At Cina, at Dimona, at Adada, 23 At
Cedes, at Asor, at Itnan, 24 At Ziph, at Telem, at Bealoth, 25
At Asor-hadatta, at Cheriothhesron (na siya ring Asor), 26
Amam, at Sema, at Molada, 27 At Asar-gadda, at Hesmon,
at Beth-pelet, 28 At Hasar-sual, at Beer-seba, at Bizotia, 29
Baala, at Iim, at Esem, 30 At Eltolad, at Cesil, at Horma, 31
At Siclag, at Madmanna, at Sansana, 32 At Lebaoth at Silim,
at Ain at Rimmon: lahat ng mga bayan ay dalawang pu't
siyam, pati ng mga nayon ng mga yaon. 33 Sa mababang
lupain: Estaol, at Sorea, at Asena, 34 At Zanoa, at En-
gannim, Tappua, at En-am, 35 Jarmuth at Adullam, Socho at
Aceca, 36 At Saraim at Adithaim, at Gedera at Gederothaim;
labing apat na bayan pati ng mga nayon ng mga yaon. 37
Senan, at Hadasa, at Migdalgad; 38 At Dilan, at Mizpe, at
Jocteel, 39 Lachis, at Boscat, at Eglon, 40 At Cabon, at
Lamas, at Chitlis; 41 At Gederoth, at Beth-dagon, at Naama
at Maceda: labing anim na bayan pati ng mga nayon ng mga
yaon. 42 Libna, at Ether, at Asan, 43 At Jiphta, at Asna, at
Nesib, 44 At Ceila, at Achzib, at Maresa; siyam na bayan
pati ng mga nayon ng mga yaon. 45 Ecron at ang mga
bayan niyaon, at ang mga nayon niyaon: 46 Mula sa Ecron
hanggang sa dagat, lahat na nasa siping ng Asdod pati ng
mga nayon ng mga yaon. 47 Asdod, ang mga bayan niyaon
at ang mga nayon niyaon, Gaza, ang mga bayan niyaon at
ang mga nayon niyaon; hanggang sa batis ng Egipto, at ang
malaking dagat at ang hangganan niyaon. 48 At sa lupaing
maburol, Samir, at Jattir, at Soco, 49 At Danna, at Chiriat-
sanna (na siyang Debir), 50 At Anab, at Estemo, at Anim; 51
At Gosen, at Olon, at Gilo: labing isang bayan pati ng mga
nayon ng mga yaon. 52 Arab, at Dumah, at Esan, 53 At
Janum, at Beth-tappua, at Apheca: 54 At Humta, at Chiriath-
arba (na siyang Hebron), at Sior; siyam na bayan pati ng
mga nayon ng mga yaon. 55 Maon, Carmel, at Ziph, at Juta,
56 At Izreel, at Jocdeam, at Zanoa, 57 Cain, Gibea, at Timna:
sangpung bayan pati ng mga nayon ng mga yaon. 58 Halhul,
Beth-zur, at Gedor. 59 At Maarath, at Beth-anoth, at Eltecon;
anim na bayan pati ng mga nayon ng mga yaon. 60 Chiriath-
baal (na siyang Chiriath-jearim), at Rabba: dalawang bayan
pati ng mga nayon ng mga yaon. 61 Sa ilang; Beth-araba,
Middin, at Sechacha; 62 At Nibsan, at ang Bayan ng Asin, at
En-gedi: anim na bayan pati ng mga nayon ng mga yaon. 63
At tungkol sa mga Jebuseo na mga taga Jerusalem ay hindi
napalayas ng mga anak ni Juda: kundi ang mga Jebuseo
ay nanahang kasama ng mga anak ni Juda sa Jerusalem
hanggang sa araw na ito.

**16** At ang kapalaran ng mga anak ni Jose ay nagmula
sa Jordan sa Jerico, sa tubig ng Jerico sa dakong
silanganan, hanggang sa ilang na pasampa, mula sa Jerico
at patuloy sa lupaing maburol hanggang sa Beth-el; 2 At
palabas mula sa Beth-el na patungo sa Luz at patuloy
sa hangganan ng mga Archita na patungo sa Ataroth; 3

At pababa sa dakong kalunuran sa hangganan ng mga
Japhleteo, hanggang sa hangganan ng Beth-horon sa ibaba,
hanggang sa Gezer: at ang mga labasan niyaon ay sa
dagat. 4 At kinuha ang kanilang mana ng mga anak ni
Jose, ng Manases, at ng Ephraim. 5 At ang hangganan ng
mga anak ni Ephraim ayon sa kanilang mga angkan ay ito:
ang hangganan ng kanilang mana na dakong silanganan
ay Ataroth-addar, hanggang sa Beth-horon sa itaas: 6
At ang hangganan ay palabas sa dakong kalunuran sa
Michmetat, sa hilagaan; at ang hangganan ay paliko sa
dakong silanganan hanggang sa Tanath-silo at patuloy
sa silanganan ng Janoa: 7 At pababa mula sa Janoa na
patungo sa Ataroth at sa Naara, at abot hanggang sa Jerico,
at palabas sa Jordan. 8 Mula sa Tappua ay patuloy ang
hangganan sa dakong kalunuran sa batis ng Cana: at ang
labasan niyaon ay sa dagat. Ito ang mana ng lipi ng mga
anak ni Ephraim ayon sa kanilang mga angkan, 9 Pati ng
mga bayan na inihiwalay sa mga anak ni Ephraim sa gitna
ng mana ng mga anak ni Manases, lahat ng mga bayan na
kalakip ng mga nayon ng mga yaon. 10 At hindi nila pinalayas
ang mga Cananeo na nananahan sa Gezer: kundi ang mga
Cananeo ay nanahan sa gitna ng Ephraim hanggang sa
araw na ito, at naging mga alilang tagapagatag.

**17** At ito ang kapalaran ng lipi ni Manases; sapagka't
siya ang panganay ni Jose. Tungkol kay Machir na
panganay ni Manases, na ama ni Galaad, sapagka't siya'y
lalaking mangdidigma, ay kaniya ngang tinangkilik ang
Galaad at ang Basan. 2 At ang napasa ibang mga anak ni
Manases ayon sa kanilang mga angkan, sa mga anak ng
Abiezer, at sa mga anak ng Helec, at sa mga anak ng Esriel,
at sa mga anak ng Sichem, at sa mga anak ng Hepher, at
sa mga anak ng Semida; ang mga ito ang mga anak na
lalake ni Manases na anak ni Jose, ayon sa kanilang mga
angkan. 3 Nguni't si Salphaad na anak ni Hepher, na anak ni
Galaad na anak ni Machir, na anak ni Manases, ay hindi
nagkaroon ng mga anak na lalake kundi mga babae: at
ito ang mga pangalan ng kaniyang mga anak: Maala, at
Noa, Hogla, Milcha, at Tirsa. 4 At sila'y lumapit sa harap
ni Eleazar na saserdote at sa harap ni Josue na anak ni
Nun, at sa harap ng mga prinsipe, na sinasabi, Iniutos ng
Panginoon kay Moises na bigyan kami ng mana sa gitna
ng aming mga kapatid: kaya't ayon sa utos ng Panginoon
ay binigyan niya sila ng mana sa gitna ng mga kapatid
ng kanilang ama. 5 At nahulog ang sangpung bahagi kay
Manases, bukod sa lupain ng Galaad at ang Basan, na nasa
dako roon ng Jordan; 6 Sapagka't ang mga anak na babae
ni Manases ay nagkaroon ng mana sa gitna ng kaniyang
mga anak; at ang lupain ng Galaad ay ukol sa nalabi sa
mga anak ni Manases. 7 At ang hangganan ng Manases ay
mula sa Aser hanggang sa Michmetat, na nasa tapat ng
Sichem; at ang hangganan ay patuloy sa kanan, hanggang
sa mga taga En-tappua. 8 Ang lupain ng Tappua ay ukol sa
Manases: nguni't ang Tappua sa hangganan ng Manases
ay ukol sa mga anak ni Ephraim. 9 At ang hangganan ay
pababa hanggang sa batis ng Cana, na dakong timugan ng
batis: ang mga bayang ito ay ukol sa Ephraim sa gitna ng
mga bayan ng Manases: at ang hangganan ng Manases
ay nasa dakong hilagaan ng batis, at ang labasan niyaon
ay sa dagat; 10 Ang dakong timugan ay ang sa Ephraim,
at ang dakong hilagaan ay ang sa Manases, at ang dagat
ay hangganan niyaon; at abot sa Aser sa hilagaan at sa
Issachar sa silanganan. 11 At tinatangkilik ng Manases sa
Issachar at sa Aser ang Beth-san at ang mga nayon niyaon,
at ang Ibleam at ang mga nayon niyaon, at ang mga taga
Dor, at ang mga nayon niyaon, at ang mga taga En-dor
at ang mga nayon niyaon, at ang mga taga Taanach at
ang mga nayon niyaon, at ang mga taga Megiddo, at ang
mga nayon niyaon, ang tatlong kaitaasan. 12 Gayon ma'y
hindi napalayas ng mga anak ni Manases ang mga taga-
roon sa mga bayang yaon; kundi ang mga Cananeo ay
nanahan sa lupaing yaon. 13 At nangyari, nang ang mga
anak ni Israel ay lumakas, na kanilang inilagay ang mga
Cananeo sa pagaatag, at hindi nila lubos na pinalayas.
14 At ang mga anak ni Jose ay nagsalita kay Josue, na
sinasabi, Bakit ang ibinigay mo sa akin ay isang kapalaran
at isang bahagi lamang na pinakamana, dangang malaking
bayan ako, sapagka't pinagpala ako hanggang ngayon ng
Panginoon? 15 At sinabi ni Josue sa kanila, Kung ikaw ay
malaking bayan, sumampa ka sa gubat, at iyong malalawag
doon sa iyong sarili ang lupain ng mga Pherezeo at ng
mga Rephaim; yamang ang lupaing maburol ng Ephraim ay
totoong makipot sa ganang iyo. 16 At sinabi ng mga anak ni
Jose, Ang lupaing maburol ay hindi sukat sa amin; at ang
lahat ng mga Cananeo na tumatahan sa lupain ng libis ay
may mga karong bakal, sila na tumatahan sa Beth-san at
sa mga nayon niyaon, at gayon din sila na nasa libis ng
Jezreel. 17 At si Josue ay nagsalita sa sangbahayan ni Jose,
ni Ephraim at ni Manases, na sinasabi, Ikaw ay malaking
bayan, at may dakilang kapangyarihan: hindi marapat sa
iyo ang isang kapalaran lamang: 18 Kundi ang lupaing
maburol ay magiging iyo; sapagka't bagaman isang gubat ay
iyong malalawag, at ang labasan niyaon ay magiging iyo,
sapagka't iyong palalayasin ang mga Cananeo, bagaman
sila'y may mga karong bakal, at bagaman sila'y matibay.

**18** At ang buong kapisanan ng mga anak ni Israel ay
nagpupulong sa Silo, at itinayo ang tabernakulo ng
kapisanan doon: at ang lupain ay sumuko sa harap nila. 2
At nalabi sa mga anak ni Israel ay pitong lipi na hindi pa

nababahaginan ng kanilang mana. 3 At sinabi ni Josue sa
mga anak ni Israel, Hanggang kailan magpapakatamad
kayo upang pasukin ninyong ariin ang lupain na ibinigay
sa inyo ng Panginoon, ng Dios ng inyong mga magulang?
4 Maghalal kayo sa inyo ng tatlong lalake sa bawa't lipi:
at aking susuguin, at sila'y babangon at lalakad sa lupain,
at iguguhit ayon sa kanilang mana; at sila'y paririto sa
akin. 5 At kanilang babahagihin ng pitong bahagi: ang Juda
ay mananahan sa hangganan niyaon na dakong timugan,
at ang sangbahayan ni Jose ay mananahan sa kanilang
hangganan sa dakong hilagaan. 6 At inyong iguguhit ang
lupain ng pitong bahagi, at inyong dadalhin ang pagkaguhit
dito sa akin: at aking ipagsasapalaran dito sa inyo sa harap
ng Panginoon natin Dios; 7 Sapagka't ang mga Levita ay
walang bahagi sa gitna ninyo; sapagka't ang pagkasaserdote
sa Panginoon ay siyang kanilang mana: at ang Gad, at
ang Ruben at ang kalahating lipi ni Manases ay tumanggap
na ng kanilang mana sa dako roon ng Jordan na dakong
silanganan, na ibinigay sa kanila ni Moises na lingkod ng
Panginoon. 8 At ang mga lalake ay tumindig at yumaon: at
ibinilin sa kanila ni Josue na yumaong iguhit ang lupain, na
sinasabi, Yumaon kayo at lakarin ninyo ang lupain at iguhit
ninyo at bumalik kayo sa akin, at aking ipagsasapalaran sa
inyo dito sa harap ng Panginoon sa Silo. 9 At ang mga lalake
ay yumaon at nilakad ang lupain, at iginuhit sa isang aklat
ayon sa mga bayan na pitong bahagi, at sila'y naparoon
kay Josue sa kampamento sa Silo. 10 At ipinagsapalaran ni
Josue sa kanila sa Silo sa harap ng Panginoon; at binahagi
roon ni Josue ang lupain sa mga anak ni Israel ayon sa
kanilang mga bahagi. 11 At ang kapalaran ng lipi ng mga
anak ni Benjamin ay lumabas ayon sa kanilang mga angkan:
at ang hangganan ng kanilang kapalaran ay palabas sa
pagitan ng mga anak ni Juda at ng mga anak ni Jose. 12 At
ang kanilang hangganan sa hilagaang sulok ay mula sa
Jordan; at ang hangganan ay pasampa sa dako ng Jerico
sa hilagaan, at pasampa sa lupaing maburol na dakong
kalunuran; at ang labasan niyaon ay sa ilang ng Beth-
aven. 13 At ang hangganan ay patuloy mula roon hanggang
sa Luz, sa dako ng Luz (na siyang Beth-el), na dakong
timugan; at ang hangganan ay pababa sa Ataroth-addar, sa
tabi ng bundok na dumudoon sa timugan ng Beth-horon
sa ibaba. 14 At ang hangganan ay patuloy at paliko sa
kalunurang sulok na dakong timugan mula sa bundok na
nakalatag sa harap ng Beth-horon na dakong timugan, at
ang mga labasan niyaon ay sa Chiriath-baal (na siyang
Chiriath-jearim), na bayan ng mga anak ni Juda: ito ang
kalunurang sulok. 15 At ang timugang sulok ay mula sa
kahulihulihang bahagi ng Chiriath-jearim at ang hangganan
ay palabas sa dakong kalunuran, at palabas sa bukal ng
tubig ng Nephtoa: 16 At ang hangganan ay pababa sa
kahulihulihang bahagi ng bundok na nakalatag sa harap
ng libis ng anak ni Hinnom, na nasa libis ng Rephaim na
dakong hilagaan; at pababa sa libis ni Hinnom, sa dako ng
Jebuseo na dakong timugan at pababa sa En-rogel; 17 At
paabot sa hilagaan at palabas sa En-semes, at palabas
sa Geliloth na nasa tapat ng pagsampa sa Adummim; at
pababa sa bato ng Bohan na anak ni Ruben, 18 At patuloy
sa tagiliran na tapat ng Araba sa dakong hilagaan, at pababa
sa Araba; 19 At ang hangganan ay patuloy sa tabi ng Beth-
hogla na dakong hilagaan, at ang labasan ng hangganan ay
sa hilagaang dagat-dagatan ng Dagat na Alat, sa timugang
dulo ng Jordan; ito ang timugang hangganan. 20 At ang
Jordan ay hangganan niyaon sa sulok na silanganan. Ito ang
mana ng mga anak ni Benjamin ayon sa mga hangganan
niyaon sa palibot, ayon sa kanilang mga angkan. 21 Ang
mga bayan nga ng lipi ng mga anak ni Benjamin ayon sa
kanilang mga angkan ay Jerico, at Beth-hogla, at Emec-
casis: 22 At Beth-araba, at Samaraim, at Beth-el, 23 At Avim,
at Para, at Ophra, 24 At Cephar-hammonai, at Ophni, at
Gaba, labing dalawang bayan pati ng mga nayon ng mga
yaon. 25 Gabaon, at Rama, at Beeroth, 26 At Mizpe, at
Chephira, at Moza; 27 At Recoem, at Irpeel, at Tarala; 28
At Sela, Eleph, at Jebus (na siyang Jerusalem), Gibeath,
at Chiriath; labing apat na bayan pati ng mga nayon ng
mga yaon. Ito ang mana ng mga anak ni Benjamin ayon sa
kanilang mga angkan.

**19** At ang ikalawang kapalaran ay napasa Simeon, sa
lipi ng mga anak ng Simeon ayon sa kanilang mga
angkan: at ang kanilang mana ay nasa gitna ng mana ng
mga anak ni Juda. 2 At kanilang tinamo na pinakamana ang
Beerseba, o Seba, at Molada; 3 At Hasar-sual, at Bala, at
Esem; 4 At Heltolad, at Betul, at Horma; 5 At Siclag, at Beth-
marchaboth, at Hasarsusa, 6 At Beth-lebaoth, at Saruhen:
labing tatlong bayan pati ng mga nayon niyaon: 7 Ain,
Rimmon, at Eter, at Asan, apat na bayan pati ng mga nayon
niyaon: 8 At ang lahat ng mga nayon na nasa palibot ng mga
bayang ito hanggang sa Baalathbeer, Ramat ng Timugan. Ito
ang mana ng lipi ng mga anak ni Simeon ayon sa kanilang
mga angkan. 9 Mula sa bahagi ng mga anak ni Juda ang
mana ng mga anak ni Simeon: sapagka't ang bahagi ng
mga anak ni Juda ay totoong marami sa ganang kanila;
kaya't ang mga anak ni Simeon ay nagkaroon ng mana
sa gitna ng kanilang mana. 10 At ang ikatlong kapalaran
ay napasa mga anak ni Zabulon ayon sa kanilang mga
angkan. At ang hangganan ng kanilang mana ay hanggang
sa Sarid: 11 At ang kanilang hangganan ay pasampa sa
dakong kalunuran sa Merala, at abot sa Dabbeseth at mula
roo'y abot sa batis na nasa harap ng Jocneam, 12 At paliko

mula sa Sarid sa dakong silanganan na dakong sinisikatan
ng araw hanggang sa hangganan ng Chisiloth-tabor, at
palabas sa Dabrath, at pasampa sa Japhia; **13** At mula
roon ay patuloy sa dakong silanganan sa Gith-hepher, sa
Ittakazin; at palabas sa Rimmon na luwal hanggang sa Nea:
**14** At ang hangganan ay paliko sa hilagaan na patungo sa
Hanaton: at ang labasan niyaon ay sa libis ng Iphta-el; **15**
At sa Catah, at sa Naalal, at sa Simron, at sa Ideala, at
sa Bethlehem: labing dalawang bayan pati ng mga nayon
ng mga yaon. **16** Ito ang mana ng mga anak ni Zabulon
ayon sa kanilang mga angkan, ang mga bayang ito pati ng
mga nayon ng mga ito. **17** Ang ikaapat na kapalaran ay
napasa Issachar, sa mga anak ni Issachar ayon sa kanilang
mga angkan. **18** At ang kanilang hangganan ay hanggang
sa Izreel, at Chesulloth, at Sunem, **19** At Hapharaim, at
Sion, at Anaarath, **20** At Rabbit, at Chision, at Ebes, **21** At
Rameth, at En-gannim, at En-hadda, at Beth-passes, **22** At
ang hangganan ay abot sa Tabor, at Sahasim, at sa Beth-
semes; at ang mga labasan ng hangganan ng mga yaon ay
sa Jordan: labing anim na bayan pati ng mga nayon ng mga
yaon. **23** Ito ang mana ng lipi ng mga anak ni Issachar ayon
sa kanilang mga angkan, ang mga bayan pati ng mga nayon
ng mga yaon. **24** At ang ikalimang kapalaran ay napasa
lipi ng mga anak ni Aser ayon sa kanilang mga angkan. **25**
At ang kanilang hangganan ay Helchat, at Hali, at Beten,
at Axaph, **26** At Alammelec, at Amead, at Miseal; at abot
sa Carmel na dakong kalunuran at sa Sihorlibnath; **27** At
paliko sa dakong sinisikatan ng araw sa Beth-dagon, at abot
sa Zabulon, at sa libis ng Iphta-el na dakong hilagaan sa
Beth-emec at Nehiel; at palabas sa Cabul sa kaliwa. **28**
At Hebron, at Rehob, at Hammon, at Cana, hanggang sa
malaking Sidon, **29** At ang hangganan ay paliko sa Rama, at
sa bayang nakukutaan ng Tiro; at ang hangganan ay paliko
sa Hosa, at ang mga labasan niyaon ay sa dagat mula sa
lupain ni Achzib; **30** Gayon din ang Umma, at Aphek, at
Rehob: dalawang pu't dalawang bayan pati ng mga nayon
ng mga yaon. **31** Ito ang mana ng lipi ng mga anak ni Aser
ayon sa kanilang mga angkan, ang mga bayang ito pati ng
mga nayon ng mga ito. **32** Ang ikaanim na kapalaran ay
napasa mga anak ni Nephtali, sa mga anak ni Nephtali ayon
sa kanilang mga angkan. **33** At ang kanilang hangganan
ay mula sa Heleph, mula sa encina sa Saananim, at sa
Adamineceb, at sa Jabneel, hanggang sa Lacum; at ang
mga labasan niyaon ay sa Jordan; **34** At ang hangganan
ay paliko sa dakong kalunuran sa Aznot-tabor, at palabas
sa Hucuca mula roon; at abot sa Zabulon sa timugan, at
abot sa Aser sa kalunuran, at sa Juda sa Jordan na dakong
sinisikatan ng araw. **35** At ang mga bayang nakukutaan ay
Siddim, Ser, at Hamath, Raccath, at Cinneret, **36** At Adama,
at Rama, at Asor, **37** At Cedes, at Edrei, at En-hasor, **38**
At Iron, at Migdalel, Horem, at Beth-anath, at Beth-semes:
labing siyam na bayan pati ng mga nayon ng mga yaon.
**39** Ito ang mana ng lipi, ng mga anak ni Nephtali ayon sa
kanilang mga angkan, ang mga bayan pati ng mga nayon
ng mga yaon. **40** Ang ikapitong kapalaran ay napasa lipi
ng mga anak ni Dan ayon sa kanilang mga angkan. **41** At
ang hangganan ng kanilang mana ay Sora, at Estaol, at Ir-
semes, **42** At Saalabin, at Ailon, at Jeth-la, **43** At Elon, at
Timnath, at Ecron, **44** At Elteche, at Gibbethon, at Baalat, **45**
At Jehul, at Bene-berac, at Gatrimmon, **46** At Me-jarcon, at
Raccon pati ng hangganan sa tapat ng Joppa. **47** At ang
hangganan ng mga anak ni Dan ay palabas sa dako roon ng
mga yaon; sapagka't ang mga anak ni Dan ay sumampa at
bumaka laban sa Lesem, at sinakop at sinugatan ng talim
ng tabak, at inari at tumahan doon, at tinawag ang Lesem,
na Dan, ayon sa pangalan ni Dan, na kanilang ama. **48** Ito
ang mana ng lipi ng mga anak ni Dan ayon sa kanilang mga
angkan, ang mga bayang ito pati ng mga nayon ng mga
yaon. **49** Gayon kanilang tinapos ang pagbabahagi ng lupain
na pinakamana ayon sa mga hangganan niyaon; at binigyan
ng mga anak ni Israel ng mana si Josue na anak ni Nun sa
gitna nila: **50** Ayon sa utos ng Panginoon ay kanilang ibinigay
sa kaniya ang bayang kaniyang hiningi, ang Timnath-sera
sa lupaing maburol ng Ephraim: at kaniyang itinayo ang
bayan at tumahan doon. **51** Ito ang mga mana na binahagi ni
Eleazar na saserdote at ni Josue na anak ni Nun, at ng mga
pangulo ng mga sangbahayan ng mga magulang ng mga lipi
ng mga anak ni Israel na pinakamana, sa pamamagitan ng
pagsasapalaran sa Silo sa harap ng Panginoon sa pintuan
ng tabernakulo ng kapisanan. Gayon nila niwakasan ang
pagbabahagi ng lupain.

**20** At ang Panginoon ay nagsalita kay Josue, na sinasabi,
**2** Magsalita ka sa mga anak ni Israel, na sabihin
mo, Italaga ninyo sa inyo ang mga bayang ampunan, na
aking sinalita sa inyo sa pamamagitan ni Moises: **3** Upang
matakasan ng nakamatay, na nakapatay sa sinoman na hindi
sinasadya at hindi kusa: at magiging ampunan ninyo laban
sa manghihiganti sa dugo. **4** At siya'y tatakas sa isa sa mga
bayang yaon, at tatayo sa pasukan ng pintuan ng bayan, at
magsasaysay sa mga pakinig ng mga matanda sa bayang
yaon; at kanilang kukunin siya sa bayan na ipagsasama nila,
at bibigyan nila siya ng isang dako, upang siya'y tumahan
sa gitna nila. **5** At kung siya'y habulin ng manghihiganti sa
dugo, hindi nga nila ibibigay ang nakamatay sa kaniyang
kamay; sapagka't kaniyang napatay ang kaniyang kapuwa
na hindi sinasadya, at hindi niya kinapootan nang una.
**6** At siya'y tatahan sa bayang yaon, hanggang sa siya'y
tumayo sa harap ng kapisanan upang hatulan, hanggang sa

pagkamatay ng pangulong saserdote, na nalalagay sa mga
araw na yaon: kung magkagayo'y uuwi ang nakamatay, at
paroroon sa kaniyang sariling bayan, at sa kaniyang sariling
bahay, hanggang sa pinagmulan niyang bayan na tinakasan.
7 At kanilang ibinukod ang Cedes sa Galilea sa lupaing
maburol ng Nepthali, at ang Sichem sa lupaing maburol
ng Ephraim, at ang Chiriath-arba (na siyang Hebron) sa
lupaing maburol ng Juda. 8 At sa dako roon ng Jordan sa
Jerico na dakong silanganan, ay kaniyang itinalaga ang
Beser sa ilang sa kapatagan, mula sa lipi ni Ruben, at ang
Ramoth sa Galaad na mula sa lipi ni Gad, at ang Gaulon sa
Basan na mula sa lipi ni Manases. 9 Ito ang mga itinalagang
bayan sa lahat ng mga anak ni Israel, at sa taga ibang
lupa na tumatahan sa gitna nila, na sinomang makamatay
ng sinomang tao, na hindi sinasadya, ay makatakas doon,
at huwag mapatay ng kamay ng manghihiganti sa dugo,
hanggang hindi nahaharap sa kapisanan.

**21** Nang magkagayo'y lumapit ang mga pangulo ng mga
sangbahayan ng mga magulang ng mga Levita kay
Eleazar na saserdote, at kay Josue na anak ni Nun at sa
mga pangulo ng mga sangbahayan ng mga magulang ng
mga lipi ng mga anak ni Israel; 2 At sila'y nagsalita sa kanila
sa Silo, sa lupain ng Canaan, na sinasabi, Ang Panginoon
ay nagutos sa pamamagitan ni Moises, na bigyan kami ng
mga bayan na matatahanan, pati ng mga nayon niyaon para
sa aming hayop. 3 At sa kanilang mana ay ibinigay ng mga
anak ni Israel sa mga Levita, ayon sa utos ng Panginoon,
ang mga bayang ito pati ng mga nayon ng mga ito. 4
At ang kapalarang ukol sa mga angkan ng mga Coathita
ay lumabas; at ang mga anak ni Aaron na saserdote, na
kabilang sa mga Levita, ay nagtamo sa pamamagitan ng
sapalaran sa lipi ni Juda, at sa lipi ng mga Simeonita, at sa
lipi ni Benjamin, ng labing tatlong bayan. 5 At ang nalabi
sa mga anak ni Coath ay nagtamo sa pamamagitan ng
sapalaran sa mga angkan ng lipi ni Ephraim, at sa lipi ni
Dan, at sa kalahating lipi ni Manases, ng sangpung bayan. 6
At ang mga anak ni Gerson ay nagtamo sa pamamagitan ng
sapalaran sa mga angkan ng lipi ni Issachar, at sa lipi ni
Aser, at sa lipi ni Nephtali, at sa kalahating lipi ni Manases sa
Basan, ng labing tatlong bayan. 7 Ang mga anak ni Merari
ayon sa kanilang mga angkan ay nagtamo sa lipi ni Ruben,
at sa lipi ni Gad, at sa lipi ni Zabulon, ng labing dalawang
bayan. 8 At ibinigay ng mga anak ni Israel sa mga Levita sa
pamamagitan ng sapalaran ang mga bayang ito pati ng mga
nayon nito, gaya ng iniutos ng Panginoon sa pamamagitan
ni Moises. 9 At sa lipi ng mga anak ni Juda, at sa lipi ng mga
anak ni Simeon, ay kanilang ibinigay ang mga bayang ito na
nabanggit sa pangalan: 10 At pawang sa mga anak ni Aaron,
sa mga angkan ng mga Coathita, na mga anak ni Levi:
sapagka't sa kanila ang unang kapalaran. 11 At ibinigay nila
sa kanila ang Chiriath-arba, na siyang Arba na ama ni Anac,
(na siya ring Hebron, ) sa lupaing maburol ng Juda, pati ng
mga nayon niyaon sa palibot. 12 Nguni't ang mga parang ng
bayan, at ang mga nayon, ay ibinigay nila kay Caleb na
anak ni Jephone na pinakaari niya. 13 At sa mga anak ni
Aaron na saserdote ay ibinigay nila ang Hebron pati ng mga
nayon niyaon, ang bayang ampunan na ukol sa nakamatay,
at ang Libna pati ng mga nayon niyaon; 14 At ang Jattir pati
ng mga nayon niyaon, at ang Estemoa, pati ng mga nayon
niyaon. 15 At ang Helon pati ng mga nayon niyaon, at ang
Debir pati ng mga nayon niyaon; 16 At ang Ain pati ng mga
nayon niyaon, at ang Jutta pati ng mga nayon niyaon, at ang
Beth-semes pati ng mga nayon niyaon; siyam na bayan sa
dalawang liping yaon. 17 At sa lipi ni Benjamin, ang Gabaon
pati ng mga nayon niyaon, ang Geba pati ng mga nayon
niyaon; 18 Ang Anathoth pati ng mga nayon niyaon, at ang
Almon pati ng mga nayon niyaon; apat na bayan. 19 Lahat
ng mga bayan ng mga anak ni Aaron na saserdote ay labing
tatlong bayan pati ng mga nayon ng mga yaon. 20 At tinamo
ng mga angkan ng mga anak ni Coath, na mga Levita, sa
makatuwid baga'y ang nangalabi sa mga anak ni Coath, ang
mga bayan na kanilang kapalaran sa lipi ni Ephraim. 21
At ibinigay nila sa kanila ang Sichem pati ng mga nayon
niyaon sa lupaing maburol ng Ephraim, na bayang ampunan
na ukol sa nakamatay, at ang Geser pati ng mga nayon
niyaon. 22 At ang Kibsaim pati ng mga nayon niyaon, at ang
Beth-horon pati ng mga nayon niyaon; apat na bayan. 23 At
sa lipi ni Dan, ang Eltheco pati ng mga nayon niyaon, ang
Gibbethon pati ng mga nayon niyaon; 24 Ang Ailon pati ng
mga nayon niyaon; ang Gath-rimmon pati ng mga nayon
niyaon; apat na bayan. 25 At sa kalahating lipi ni Manases,
ang Taanach pati ng mga nayon niyaon; at ang Gath-rimmon
pati ng mga nayon niyaon; dalawang bayan. 26 Lahat na
bayan sa mga angkan ng nangalabi sa mga anak ni Coath
ay sangpu pati ng mga nayon niyaon. 27 At sa mga anak ni
Gerson, sa mga angkan ng mga Levita, ay ibinigay sa kanila
sa kalahating lipi ni Manases ang Gaulon sa Basan pati
ng mga nayon niyaon, ang bayang ampunan na ukol sa
nakamatay; at ang Be-estera pati ng mga nayon niyaon;
dalawang bayan. 28 At sa lipi ni Issachar, ang Cesion pati
ng mga nayon niyaon, ang Dabereth pati ng mga nayon
niyaon; 29 Ang Jarmuth pati ng mga nayon niyaon, ang
En-gannim pati ng mga nayon niyaon: apat na bayan. 30
At sa lipi ni Aser, ang Miseal pati ng mga nayon niyaon,
ang Abdon pati ng mga nayon niyaon; 31 Ang Helchath
pati ng mga nayon niyaon, ang Rehob pati ng mga nayon
niyaon; apat na bayan. 32 At sa lipi ni Nephtali ang bayang
ampunan na ukol sa nakamatay, ang Cedes sa Galilea pati

ng mga nayon niyaon, at ang Hammoth-dor pati ng mga
nayon niyaon, at ang Cartan pati ng mga nayon niyaon;
tatlong bayan. **33** Lahat na bayan ng mga Gersonita ayon sa
kanilang mga angkan ay labing tatlong bayan pati ng mga
nayon ng mga yaon. **34** At sa mga angkan ng mga anak
ni Merari, na nalabi sa mga Levita, sa lipi ni Zabulon, ang
Jocneam pati ng mga nayon niyaon, at ang Kartha pati ng
mga nayon niyaon, **35** Ang Dimna pati ng mga nayon niyaon,
ang Naalal pati ng mga nayon niyaon; apat na bayan. **36** At
sa lipi ni Ruben; ang Beser pati ng mga nayon niyaon, at
ang Jasa pati ng mga nayon niyaon. **37** Ang Cedemoth pati
ng mga nayon niyaon, at ang Mephaat pati ng mga nayon
niyaon; apat na bayan. **38** At sa lipi ni Gad ang bayang
ampunan na ukol sa nakamatay, ang Ramoth sa Galaad pati
ng mga nayon niyaon, ang Mahanaim pati ng mga nayon
niyaon; **39** Ang Hesbon pati ng mga nayon niyaon, at ang
Jacer pati ng mga nayon niyaon, apat na bayang lahat. **40**
Lahat ng mga ito ay mga bayan ng mga anak ni Merari ayon
sa kanilang mga angkan, sa makatuwid baga'y ang nalabi
sa mga angkan ng mga Levita; at ang kanilang kapalaran ay
labing dalawang bayan. **41** Lahat na bayan ng mga Levita
sa gitna ng mga pag-aari ng mga anak ni Israel ay apat na
pu't walong bayan pati ng mga nayon ng mga yaon. **42** Ang
mga bayang ito ay kalakip bawa't isa ang mga nayon nito sa
palibot ng mga yaon: gayon sa lahat ng mga bayang ito.
**43** Sa gayo'y ibinigay ng Panginoon sa Israel ang boong
lupain na kaniyang isinumpa na ibibigay sa kanilang mga
magulang: at kanilang inari at tumahan doon. **44** At binigyan
sila ng kapahingahan ng Panginoon sa palibot, ayon sa lahat
ng kaniyang isinumpa sa kanilang mga magulang: at walang
tumayong isang lalake sa lahat ng kanilang mga kaaway
sa harap nila; ibinigay ng Panginoon ang lahat nilang mga
kaaway sa kanilang kamay. **45** Walang nagkulang na isang
mabuting bagay na sinalita ng Panginoon sa sangbahayan
ng Israel, lahat ay nangyari.

**22** Tinawag nga ni Josue ang mga Rubenita, at ang
mga Gadita, at ang kalahating lipi ni Manases, **2** At
sinabi sa kanila, Inyong iningatan ang lahat na iniutos sa
inyo ni Moises na lingkod ng Panginoon, at inyong dininig
ang aking tinig sa lahat na aking iniutos sa inyo; **3** Hindi
ninyo iniwan ang inyong mga kapatid na malaong panahon
hanggang sa araw na ito, kundi inyong iningatan ang bilin
na utos ng Panginoon ninyong Dios. **4** At ngayo'y binigyan
ng kapahingahan ng Panginoon ninyong Dios ang inyong
mga kapatid, gaya ng sinalita niya sa kanila: kaya't ngayo'y
pumihit kayo at yumaon kayo sa inyong mga tolda sa lupain
na inyong ari, na ibinigay sa inyo ni Moises na lingkod
ng Panginoon sa dako roon ng Jordan. **5** Ingatan lamang
ninyong mainam na gawin ang utos at ang kautusan na
iniutos sa inyo ni Moises na lingkod ng Panginoon, na
ibigin ang Panginoon ninyong Dios, at lumakad sa lahat
niyang mga daan, at ingatan ang kaniyang mga utos, at
lumakip sa kaniya, at maglingkod sa kaniya ng boo ninyong
puso at ng boo ninyong kaluluwa. **6** Gayon sila binasbasan
ni Josue at pinagpaalam sila: at sila'y umuwi sa kanilang
mga tolda. **7** Ibinigay nga ni Moises sa kalahating lipi ni
Manases ang mana sa Basan: nguni't ang kalahating lipi
ay binigyan ni Josue sa gitna ng kanilang mga kapatid sa
dako rito ng Jordan na dakong kalunuran. Bukod dito'y nang
papagpaalamin sila ni Josue na pauwiin sa kanilang mga
tolda, ay binasbasan sila, **8** At sinalita sa kanila, na sinasabi,
Kayo'y bumalik na may maraming kayamanan sa inyong
mga tolda, at may maraming hayop, may pilak, at may ginto,
at may tanso, at may bakal, at may maraming kasuutan:
magbahagi kayo sa inyong mga kapatid ng samsam sa
inyong mga kaaway. **9** At ang mga anak ni Ruben, at ang
mga anak ni Gad, at ang kalahating lipi ni Manases ay
nagsibalik na humiwalay sa mga anak ni Israel mula sa Silo,
na nasa lupain ng Canaan, upang pumaroon sa lupain ng
Galaad, sa lupain ng kanilang ari na kanilang inari, ayon sa
utos ng Panginoon, sa pamamagitan ni Moises. **10** At nang
sila'y dumating sa may lupain ng Jordan, na nasa lupain
ng Canaan, ang mga anak ni Ruben, at ang mga anak ni
Gad, at ang kalahating lipi ni Manases ay nagtayo roon ng
dambana sa tabi ng Jordan, isang malaking dambana na
matatanaw. **11** At narinig ng mga anak ni Israel, na sinabi,
Narito, ang mga anak ni Ruben, ang mga anak ni Gad, at
ang kalahating lipi ni Manases ay nagtayo ng isang dambana
sa tapat ng lupain ng Canaan sa may lupain ng Jordan, sa
dako na nauukol sa mga anak ni Israel. **12** At nang marinig
ng mga anak ni Israel, ay nagpipisan sa Silo ang buong
kapisanan ng mga anak ni Israel, upang sumampa laban
sa kanila na makipagdigma. **13** At sinugo ng mga anak
ni Israel sa mga anak ni Ruben, at sa mga anak ni Gad,
at sa kalahating lipi ni Manases, sa lupain ng Galaad, si
Phinees na anak ni Eleazar na saserdote; **14** At kasama niya
ay sangpung prinsipe, na isang prinsipe sa sangbahayan
ng mga magulang sa bawa't isa sa mga lipi ng Israel; at
bawa't isa sa kanila'y pangulo sa mga sangbahayan ng
kanilang mga magulang sa mga libolibo sa Israel. **15** At sila'y
naparoon sa mga anak ni Ruben, at sa mga anak ni Gad,
at sa kalahating lipi ni Manases sa lupain ng Galaad, at
sinalita nila sa kanila na sinasabi, **16** Ganito ang sabi ng
buong kapisanan ng Panginoon, Anong pagsalangsang ito
na inyong ginawa laban sa Dios ng Israel, na humiwalay sa
araw na ito sa pagsunod sa Panginoon, sa inyong pagtatayo
para sa inyo ng isang dambana, upang manghimagsik
sa araw na ito laban sa Panginoon? **17** Napakaliit ba sa

ganang atin ang kasamaan ng Peor, na hindi natin nilinis
hanggang sa araw na ito, bagaman dumating ang salot sa
kapisanan ng Panginoon, 18 Upang kayo'y humiwalay sa
araw na ito sa pagsunod sa Panginoon? at mangyayari na
sapagka't kayo'y nanghihimagsik ngayon laban sa Panginoon
ay magiinit siya bukas sa buong kapisanan ng Israel. 19
Gayon man, kung ang lupain na inyong ari ay maging
marumi, lumipat nga kayo sa lupain na ari ng Panginoon, na
kinatahanan ng tabernakulo ng Panginoon, at kumuha kayo
ng ari sa gitna namin: nguni't huwag kayong manghimagsik
laban sa Panginoon, ni manghimagsik laban sa amin,
sa pagtatayo ng isang dambana bukod sa dambana ng
Panginoon nating Dios. 20 Hindi ba si Achan na anak
ni Zera ay nagkasala ng pagsalangsang sa itinalagang
bagay, at ang pagiinit ay nahulog sa buong kapisanan ng
Israel? at ang taong yaon ay hindi namatay na magisa
sa kaniyang kasamaan. 21 Nang magkagayo'y sumagot
ang mga anak ni Ruben, at ang mga anak ni Gad, at ang
kalahating lipi ni Manases, at nagsalita sa mga pangulo
ng mga libolibo sa Israel. 22 Ang Makapangyarihan, ang
Dios, ang Panginoon, ang Makapangyarihan, ang Dios, ang
Panginoon, ay siyang nakatatalastas; at matatalastas ng
Israel; kung panghihimagsik nga o kung pagsalangsang
laban sa Panginoon, (huwag mo kaming iligtas sa araw
na ito, ) 23 Na kami ay nagtayo para sa amin ng isang
dambana upang humiwalay sa pagsunod sa Panginoon;
o kung paghandugan ng mga handog na susunugin o ng
handog na harina, o kung paghandugan ng mga hain na mga
handog tungkol sa kapayapaan, siyasatin nga ng Panginoon;
24 At kung hindi namin ginawang maingat ito, at inakala, na
sabihin. Marahil sa panahong darating ay masasalita ng
inyong mga anak, na sasabihin, Anong ipakikialam ninyo
sa Panginoon, sa Dios ng Israel? 25 Sapagka't ginawang
hangganan ng Panginoon ang Jordan sa pagitan namin at
ninyo, ninyong mga anak ni Ruben at mga anak ni Gad:
kayo'y walang bahagi sa Panginoon: sa gayo'y patitigilin
ng inyong mga anak ang aming mga anak sa pagkatakot
sa Panginoon. 26 Kaya't aming sinabi, Maghanda tayo na
magtayo para sa atin ng isang dambana, hindi upang sa
handog na susunugin, ni sa hain man: 27 Kundi magiging
saksi sa pagitan namin at ninyo, at sa pagitan ng ating
mga lahi pagkamatay natin, upang aming magawa ang
paglilingkod sa Panginoon sa harap niya ng aming mga
handog na susunugin at ng aming mga hain at ng aming mga
handog tungkol sa kapayapaan; upang huwag masabi ng
inyong mga anak sa aming mga anak sa panahong darating,
Kayo'y walang bahagi sa Panginoon. 28 Kaya't sinabi namin,
Mangyayari na pagka kanilang sasabihing gayon sa amin o
sa aming lahi sa panahong darating, ay aming sasabihin,
Narito ang anyo ng dambana ng Panginoon na ginawa ng
aming mga magulang, hindi upang sa handog na susunugin,
ni sa hain: kundi isang saksi sa pagitan namin at ninyo. 29
Malayo nawa sa amin na kami ay manghimagsik laban sa
Panginoon, at humiwalay sa araw na ito sa pagsunod sa
Panginoon sa pagtatayo ng isang dambana para sa handog
na susunugin, para sa handog na harina, o para sa hain
bukod sa dambana ng Panginoon nating Dios na nasa harap
ng kaniyang tabernakulo. 30 At nang marinig ni Phinees
na saserdote, at ng mga prinsipe ng kapisanan ng mga
pangulo ng mga libolibo ng Israel na kasama niya, ang mga
salita na sinalita ng mga anak ni Ruben, at ng mga anak ni
Gad, at ng mga anak ni Manases, ay nakalugod na mabuti
sa kanila. 31 At sinabi ni Phinees na anak ni Eleazar na
saserdote sa mga anak ni Ruben, at sa mga anak ni Gad,
at sa mga anak ni Manases, Sa araw na ito ay talastas
namin, na ang Panginoon ay nasa gitna natin, sapagka't
kayo'y hindi nagkasala ng pagsalangsang na ito laban sa
Panginoon: inyo ngang iniligtas ang mga anak ni Israel sa
kamay ng Panginoon. 32 At si Phinees na anak ni Eleazar
na saserdote at ang mga prinsipe, ay nagsibalik na mula
sa mga anak ni Ruben, at mula sa mga anak ni Gad, sa
lupain ng Galaad, na tumungo sa lupain ng Canaan, sa mga
anak ni Israel, at binigyan nilang sagot. 33 At ang bagay ay
nakalugod sa mga anak ni Israel; at pinuri ng mga anak ni
Israel ang Dios at hindi na nagsalita pa ng pagsampa laban
sa kanila na bumaka na gibain ang lupain na kinatatahanan
ng mga anak ni Ruben at ng mga anak ni Gad. 34 At ang
dambana ay tinawag na Ed ng mga anak ni Ruben at ng
mga anak ni Gad: Sapagka't anila, saksi sa pagitan natin, na
ang Panginoon ay Dios.

**23** At nangyari pagkaraan ng maraming araw, nang
mabigyan ng Panginoon ng kapahingahan ang Israel
sa lahat nilang mga kaaway sa palibot, at si Josue ay
matanda na at puspos ng mga taon; 2 Na tinawag ni
Josue ang buong Israel, ang kanilang mga matanda, at
ang kanilang mga pangulo, at ang kanilang mga hukom
at ang kanilang mga pinuno, at sinabi sa kanila, Ako'y
matanda na at puspos ng mga taon: 3 At inyong nakita ang
lahat na ginawa ng Panginoon ninyong Dios sa lahat ng
bansang ito dahil sa inyo; sapagka't ipinakipaglaban kayo
ng Panginoon ninyong Dios. 4 Narito, aking binahagi sa
inyo ang mga bansang ito na nangalabi, upang maging
mana sa inyong mga lipi, mula sa Jordan pati ng lahat na
bansa na aking inihiwalay, hanggang sa malaking dagat na
dakong nilulubugan ng araw. 5 At itataboy sila ng Panginoon
ninyong Dios mula sa harap ninyo, at palalayasin sila sa
inyong paningin, at inyong aariin ang kanilang lupain na
gaya ng sinalita ng Panginoon ninyong Dios sa inyo. 6 Kaya't

kayo'y magpakatapang na mabuti na ingatan at gawin ang
lahat na nakasulat sa aklat ng kautusan ni Moises na huwag
kayong lumiko sa kanan o sa kaliwa; **7** Na huwag kayong
pumasok sa mga bansang ito, sa mga ito na nangalalabi sa
gitna ninyo; huwag din ninyong banggitin ang pangalan ng
kanilang mga dios, ni magpasumpa sa pangalan ng mga
yaon, ni maglingkod sa mga yaon, ni yumukod sa mga yaon:
**8** Kundi lumakip kayo sa Panginoon ninyong Dios, na gaya
ng inyong ginawa hanggang sa araw na ito. **9** Sapagka't
pinalayas ng Panginoon sa harap ninyo ang mga malaking
bansa at malakas: nguni't tungkol sa inyo, ay walang tao
na tumayo sa harap ninyo hanggang sa araw na ito. **10**
Isang lalake sa inyo ay hahabol sa isang libo: sapagka't
ipinakikipaglaban kayo ng Panginoon ninyong Dios, gaya ng
sinalita niya sa inyo. **11** Magpakaingat nga kayong mabuti sa
inyong sarili, na inyong ibigin ang Panginoon ninyong Dios.
**12** Kung inyo ngang tatalikuran sa anomang paraan at lalakip
sa nangalabi sa mga bansang ito, sa mga ito na nangalabi sa
gitna ninyo, at kayo'y magaasawa sa kanila, at kayo'y lalakip
sa kanila, at sila sa inyo: **13** Ay tatalastasin ninyong lubos na
hindi pa palalayasin ng Panginoon ninyong Dios ang mga
bansang ito sa inyong paningin: kundi sila'y magiging silo at
lalang sa inyo, at panghampas sa inyong tagiliran at mga
tinik sa inyong mga mata hanggang sa kayo'y malipol dito sa
mabuting lupain na ibinigay sa inyo ng Panginoon ninyong
Dios. **14** At, narito, sa araw na ito ay yumayaon ako sa lakad
ng buong lupa: at inyong talastas sa inyong buong puso at
sa inyong buong kaluluwa na walang bagay na nagkulang
sa lahat na mga mabuting bagay na sinalita ng Panginoon
ninyong Dios tungkol sa inyo; lahat ay nangyari sa inyo,
wala kahit isang bagay na nagkulang. **15** At mangyayari,
na kung paanong ang lahat ng mga mabuting bagay ay
nangyari sa inyo na sinalita sa inyo ng Panginoon ninyong
Dios, ay gayon dadalhin ng Panginoon sa inyo ang lahat ng
mga masamang bagay, hanggang sa kayo'y malipol niya
dito sa mabuting lupain na ibinigay sa inyo ng Panginoon
ninyong Dios. **16** Pagka inyong sinalangsang ang tipan ng
Panginoon ninyong Dios, na kaniyang iniutos sa inyo, at
yumaon at naglingkod sa ibang mga dios at yumukod sa
mga yaon; ang galit nga ng Panginoon ay magaalab laban
sa inyo, at kayo'y malilipol na madali sa mabuting lupain na
kaniyang ibinigay sa inyo.

**24** At pinisan ni Josue ang lahat ng mga lipi ng Israel
sa Sichem, at tinawag ang mga matanda ng Israel at
ang kanilang mga pangulo, at ang kanilang mga hukom,
at ang kanilang mga pinuno; at sila'y nagsiharap sa Dios.
**2** At sinabi ni Josue sa buong bayan, Ganito ang sabi ng
Panginoon, ng Dios ng Israel, Ang inyong mga magulang ay
tumahan nang unang panahon sa dako roon ng Ilog, na
dili iba't si Thare, na ama ni Abraham at ama ni Nachor:
at sila'y naglingkod sa ibang mga dios. **3** At kinuha ko
ang inyong amang si Abraham mula sa dako roon ng Ilog
at pinatnubayan ko siya sa buong lupain ng Canaan, at
pinarami ko ang kaniyang binhi at ibinigay ko sa kaniya si
Isaac. **4** At ibinigay ko kay Isaac si Jacob at si Esau: at
ibinigay ko kay Esau ang bundok ng Seir upang ariin; at si
Jacob at ang kaniyang mga anak ay bumabang pumasok sa
Egipto. **5** At aking sinugo si Moises at si Aaron, at sinalot
ko ang Egipto, ayon sa aking ginawa sa gitna niyaon: at
pagkatapos ay inilabas ko kayo. **6** At inilabas ko ang inyong
mga magulang sa Egipto: at kayo'y naparoon sa dagat; at
hinabol ng mga taga Egipto ang inyong mga magulang, ng
mga karo at ng mga nangangabayo hanggang sa Dagat na
Mapula. **7** At nang sila'y dumaing sa Panginoon ay nilagyan
niya ng kadiliman ang pagitan ninyo at ang mga taga Egipto,
at itinabon ang dagat sa kanila, at tinakpan sila; at nakita ng
inyong mga mata kung ano ang aking ginawa sa Egipto at
kayo'y tumahan sa ilang na malaon. **8** At ipinasok ko kayo
sa lupain ng mga Amorrheo, na tumatahan sa dako roon
ng Jordan, at sila'y nakipagbaka sa inyo; at ibinigay ko sila
sa inyong kamay, at inyong inari ang kanilang lupain: at
nilipol ko sila sa harap ninyo. **9** Nang magkagayo'y tumindig
si Balac na anak ni Zippor, na hari sa Moab, at dumigma
laban sa Israel; at siya'y nagsugo at tinawag si Balaam
na anak ni Beor, upang sumpain kayo: **10** Nguni't hindi ko
dininig si Balaam; kaya't binasbasan nga niya kayo: gayon
iniligtas ko kayo sa kaniyang kamay. **11** At kayo'y tumawid
sa Jordan at dumating sa Jerico: at ang mga tao sa Jerico
ay nakipaglaban sa inyo, ang Amorrheo, at ang Pherezeo, at
ang Cananeo, at ang Hetheo, at ang Gergeseo, ang Heveo,
at ang Jebuseo, at ibinigay ko sila sa inyong kamay. **12** At
sinugo ko ang malalaking putakti sa unahan ninyo, na siyang
nagtaboy sa kanila sa harap ninyo, sa makatuwid baga'y sa
dalawang hari ng mga Amorrheo: hindi sa pamamagitan
ng inyong tabak, ni ng inyong busog. **13** At aking binigyan
kayo ng lupain na hindi ninyo binukid, at ng mga bayang
hindi ninyo itinayo, at inyong tinatahanan; at mga ubasan at
mga olibohan na hindi ninyo itinanim ay inyong kinakain. **14**
Ngayon nga ay matakot kayo sa Panginoon, at paglingkuran
ninyo siya sa pagtatapat at sa katotohanan: at inyong
alisin ang mga dios na mga pinaglingkuran ng inyong mga
magulang sa dako roon ng Ilog at sa Egipto; at inyong
paglingkuran ang Panginoon. **15** At kung inaakala ninyong
masama na maglingkod sa Panginoon, ay piliin ninyo sa
araw na ito kung sino ang inyong paglilingkuran; kung ang
mga dios ng inyong mga magulang na pinaglingkuran sa
dako roon ng Ilog, o ang dios ng mga Amorrheo na ang
lupain nila ay inyong tinatahanan: nguni't sa ganang akin at

ng aking sangbahayan ay maglilingkod kami sa Panginoon.
16 At ang bayan ay sumagot at nagsabi, Malayo nawa sa
amin na aming pabayaan ang Panginoon sa paglilingkod sa
ibang mga dios: 17 Sapagka't ang Panginoon nating Dios ay
siyang nagsampa sa atin at sa ating mga magulang mula sa
lupain ng Egipto, mula sa bahay ng pagkaalipin, at siyang
gumawa ng mga dakilang tandang yaon sa ating paningin,
at iningatan tayo sa lahat ng daan na ating pinaroonan, at
sa gitna ng lahat ng mga bayan na ating dinaanan: 18 At
itinaboy ng Panginoon sa harap natin ang lahat ng mga
bayan, ang mga Amorrheo na tumahan sa lupain: kaya't
kami ay maglilingkod din sa Panginoon; sapagka't siya'y
ating Dios. 19 At sinabi ni Josue sa bayan, Kayo'y hindi
makapaglilingkod sa Panginoon; sapagka't siya'y isang banal
na Dios; siya'y mapanibughuing Dios; hindi niya ipatatawad
ang inyong pagsalangsang ni ang inyong mga kasalanan. 20
Kung inyong pabayaan ang Panginoon, at maglingkod sa
ibang mga dios: ay hihiwalay nga siya at gagawan kayo ng
kasamaan at lilipulin kayo pagkatapos na kaniyang nagawan
kayo ng mabuti. 21 At sinabi ng bayan kay Josue, Hindi:
kundi kami ay maglilingkod sa Panginoon. 22 At sinabi ni
Josue sa bayan, Kayo'y mga saksi laban sa inyong sarili na
inyong pinili sa inyo ang Panginoon, upang paglingkuran
siya. At sinabi nila, Kami ay mga saksi. 23 Ngayon nga'y
alisin ninyo, sabi niya, ang ibang mga dios na nasa gitna
ninyo at ikiling ninyo ang inyong puso sa Panginoon, na Dios
ng Israel. 24 At sinabi ng bayan kay Josue, Ang Panginoon
nating Dios ay aming paglilingkuran, at ang kaniyang tinig
ay aming didinggin. 25 Sa gayo'y nakipagtipan si Josue
sa bayan nang araw na yaon, at nilagdaan niya sila ng
palatuntunan at ng ayos sa Sichem. 26 At sinulat ni Josue
ang mga salitang ito sa aklat ng kautusan ng Dios; at siya'y
kumuha ng malaking bato, at inilagay sa lilim ng encina
na nasa tabi ng santuario ng Panginoon. 27 At sinabi ni
Josue sa buong bayan, Narito, ang batong ito ay magiging
saksi laban sa atin, sapagka't narinig nito ang lahat ng mga
salita ng Panginoon, na kaniyang sinalita sa atin: ito nga'y
magiging saksi laban sa inyo, baka ninyo itakuwil ang inyong
Dios. 28 Sa gayo'y pinapagpaalam ni Josue ang bayan,
bawa't isa sa kaniyang mana. 29 At nangyari, pagkatapos ng
mga bagay na ito, na si Josue, na anak ni Nun na lingkod ng
Panginoon, ay namatay na may isang daan at sangpung
taon ang gulang. 30 At inilibing nila siya sa hangganan ng
kaniyang mana sa Timnath-sera, na nasa lupaing maburol ng
Ephraim sa hilagaan ng bundok ng Gaas. 31 At naglingkod
ang Israel sa Panginoon sa lahat ng mga araw ni Josue, at
sa lahat ng mga araw ng mga matandang natirang nabuhay
kay Josue at nakilala ang lahat na gawa ng Panginoon, na
kaniyang ginawa sa Israel. 32 At ang mga buto ni Jose, na
isinampa ng mga anak ni Israel mula sa Egipto ay inilibing
nila sa Sichem, sa putol ng lupa na binili ni Jacob sa mga
anak ni Hemor na ama ni Sichem ng isang daang putol na
salapi: at mga naging mana ng mga anak ni Jose. 33 At
namatay si Eleazar na anak ni Aaron; at inilibing nila siya sa
burol ni Phinees na kaniyang anak na nabigay sa kaniya sa
lupaing maburol ng Ephraim.

# Mga Hukom

**1** At nangyari, pagkamatay ni Josue, na itinanong ng mga
anak ni Israel sa Panginoon, na sinasabi, Sino ang
unang sasampa sa amin laban sa mga Cananeo, upang
lumaban sa kanila? 2 At sinabi ng Panginoon, Ang Juda
ang sasampa: narito, aking ibinigay ang lupain sa kaniyang
kamay. 3 At sinabi ng Juda sa Simeon na kaniyang kapatid,
Sumampa kang kasama ko sa aking kapalaran, upang ating
kalabanin ang mga Cananeo; at ako nama'y sasama sa
iyong kapalaran. Sa gayo'y yumaon ang Simeon na kasama
niya. 4 At sumampa ang Juda; at ibinigay ng Panginoon ang
mga Cananeo, at ang mga Pherezeo sa kanilang kamay: at
sinaktan nila sa kanila sa Bezec ay sangpung libong lalake.
5 At kanilang nasumpungan si Adoni-bezec sa Bezec: at
siya'y nilabanan nila, at kanilang sinaktan ang mga Cananeo
at ang mga Pherezeo. 6 Nguni't tumakas si Adoni-bezec;
at kanilang hinabol siya, at hinuli siya, at pinutol nila ang
mga daliring hinlalaki ng kaniyang kamay at paa. 7 At sinabi
ni Adoni-bezec, Pitong pung hari, na mga may putol ng
kanilang mga hinlalaki sa kamay at sa paa ay namulot ng
kanilang pagkain sa ilalim ng aking dulang: kung paano ang
aking ginawa ay gayon ako pinaghigantihan ng Dios. At
dinala nila siya sa Jerusalem, at siya'y namatay roon. 8 At
ang mga anak ni Juda ay lumaban sa Jerusalem, at sinakop
at sinugatan ng talim ng tabak, at sinilaban ng apoy ang
bayan. 9 At pagkatapos, ang mga anak ni Juda ay lumusong
na lumaban sa mga Cananeo na tumatahan sa mga lupaing
maburol, at sa Timugan, at sa mababang lupa. 10 At ang
Juda'y yumaon laban sa mga Cananeo na tumatahan sa
Hebron (ang pangalan ng Hebron nang una ay Chiriath-arba:
) at kanilang sinaktan ang Sesai, at ang Ahiman, at ang
Talmai. 11 At mula roo'y yumaon laban sa mga taga Debir.
(Ang pangalan nga ng Debir nang una ay Chiriath-sepher.)
12 At sinabi ni Caleb, Ang sumakit sa Chiriath-sepher at
sumakop niyaon, ay doon ko papagaasawahin si Axa na
aking anak. 13 At si Othoniel na anak ni Cenez, kapatid na
bata ni Caleb, ay siyang sumakop: at pinapag-asawa nito
sa kaniya si Axa na kaniyang anak. 14 At nangyari, nang
makipisan si Axa, na kaniyang kinilos siya na humingi sa
kaniyang ama ng isang bukid: at siya'y bumaba sa kaniyang
asno, at sinabi ni Caleb sa kaniya, Anong ibig mo? 15 At
sinabi ni Axa sa kaniya, Bigyan mo ako ng isang kaloob;
sapagka't inilagay mo ako sa lupain na Timugan, bigyan mo
naman ako ng mga bukal ng tubig. At ibinigay ni Caleb sa
kaniya ang mga bukal sa itaas, at ang mga bukal sa ibaba.
16 At ang mga anak ni Cineo, na bayaw ni Moises ay umahon
sa bayan ng mga puno ng palma na kasama ng mga anak
ni Juda sa ilang ng Juda, na nasa timugan ng Arad; at
sila'y naparoon at nagsitahang kasama ng bayan. 17 At ang
Juda'y yumaong kasama ng Simeon na kaniyang kapatid, at
kanilang sinaktan ang mga Cananeo na nagsisitahan sa
Sephath at lubos na pinuksa. At ang pangalan ng bayan ay
tinawag na Horma. 18 Sinakop rin naman ng Juda ang Gaza
pati ng hangganan niyaon at ang Ascalon pati ng hangganan
niyaon, at ang Ecron pati ng hangganan niyaon. 19 At ang
Panginoon ay sumasa Juda; at kaniyang pinalayas ang mga
taga lupaing maburol; sapagka't hindi niya mapalayas ang
mga nananahan sa libis, dahil sa sila'y may mga karong
bakal. 20 At kanilang ibinigay ang Hebron kay Caleb, gaya
ng sinalita ni Moises: at kaniyang pinalayas doon ang tatlong
anak ni Anac. 21 At hindi pinalayas ng mga anak ni Benjamin
ang mga Jebuseo na tumatahan sa Jerusalem: kundi ang
mga Jebuseo ay nagsitahang kasama ng mga anak ni
Benjamin sa Jerusalem hanggang sa araw na ito. 22 At ang
sangbahayan ni Jose, sila'y umahon din laban sa Beth-el: at
ang Panginoon ay sumakanila. 23 At ang sangbahayan ni
Jose, ay nagsugo upang tiktikan ang Beth-el. (Ang pangalan
nga ng bayan nang una ay Luz.) 24 At nakita ng mga bakay
ang isang lalake na lumalabas sa bayan at kanilang sinabi
sa kaniya, Ituro mo sa amin, isinasamo namin sa iyo ang
pasukan sa bayan at kahahabagan ka namin. 25 At itinuro
niya sa kanila ang pasukan sa bayan, at kanilang sinugatan
ng talim ng tabak ang bayan nguni't pinayaon ang lalake
at ang madlang sangbahayan niya. 26 At ang lalake ay
pumasok sa lupain ng mga Hetheo, at nagtayo ng isang
bayan, at tinawag ang pangalan niyaon na Luz: na siyang
pangalan niyaon hanggang sa araw na ito. 27 At hindi
pinalayas ng Manases ang mga taga Beth-sean at ang mga
bayan niyaon, ni ang mga taga Taanach at ang mga bayan
niyaon, ni ang mga taga Dor at ang mga bayan niyaon, ni
ang mga taga Ibleam at ang mga bayan niyaon, ni ang mga
taga Megiddo at ang mga bayan niyaon: kundi ang mga
Cananeo ay nagsitahan sa lupaing yaon. 28 At nangyari,
nang lumakas ang Israel, na kanilang pinapagatag ang
mga Cananeo, at hindi nila lubos na pinalayas. 29 At hindi
pinalayas ni Ephraim ang mga Cananeo na tumatahan sa
Gezer; kundi ang mga Cananeo ay nagsitahan sa Gezer sa
gitna nila. 30 Hindi pinalayas ni Zabulon ang mga nananahan
sa Chitron, ni ang mga nananahan sa Naalol; kundi ang
mga Cananeo ay nagsitahan sa gitna nila, at naging mga
tagapagpaatag. 31 Hindi pinalayas ng Aser ang mga taga
Acho, ni ang mga taga Sidon, ni ang taga Ahlab, ni ang taga
Achzib, ni ang taga Helba, ni ang taga Aphec, ni ang taga
Rehob: 32 Kundi ang mga Aserita ay nagsitahang kasama
ng mga Cananeo, na mga taga lupaing yaon: sapagka't
hindi nila pinalayas sila. 33 Hindi pinalayas ng Nephtali ang
mga nananahan sa Beth-semes, ni ang mga nananahan sa

Beth-anath; kundi siya'y tumahan sa gitna ng mga Cananeo,
na nagsisitahan sa lupaing yaon: gayon ma'y ang mga
nananahan sa Beth-semes at nananahan sa Beth-anath ay
naging mga tagapagpaatag sa kaniya. 34 At piniit ng mga
Amorrheo ang mga anak ni Dan sa mga lupaing maburol;
sapagka't ayaw nilang payagang sila'y lumusong sa libis; 35
Nguni't inibig ng mga Amorrheo na tumahan sa bundok ng
Heres, sa Ajalon, at sa Saalbin: gayon ma'y nanaig ang
kamay ng sangbahayan ni Jose, na anopa't sila'y naging
mga tagapagpaatag. 36 At ang hangganan ng mga Amorrheo
ay mula sa sampahan ng Acrabim, buhat sa batuhan, at
paitaas.

**2** At sumampa ang anghel ng Panginoon sa Bochim mula
sa Gilgal. At kaniyang sinabi, Kayo'y pinaahon ko mula
sa Egipto, at dinala ko kayo sa lupain na aking isinumpa
sa inyong mga magulang; at sinabi ko, Kailan ma'y hindi
ko sisirain ang aking tipan sa inyo: 2 At huwag kayong
makikipagtipan sa mga taga lupaing ito; inyong iwawasak
ang kanilang mga dambana. Nguni't hindi ninyo dininig ang
aking tinig: bakit ginawa ninyo ito? 3 Kaya't aking sinabi
rin, Hindi ko sila palalayasin sa harap ninyo; kundi sila'y
magiging parang mga tinik sa inyong mga tagiliran, at ang
kanilang mga dios ay magiging silo sa inyo. 4 At nangyari,
pagkasalita ng anghel ng Panginoon ng mga salitang ito
sa lahat ng mga anak ni Israel, na inilakas ng bayan ang
kanilang tinig at umiyak. 5 At kanilang tinawag ang pangalan
ng dakong yaon na Bochim; at sila'y naghain doon sa
Panginoon. 6 Nang mapayaon nga ni Josue ang bayan,
pumaroon ang mga anak ni Israel, bawa't isa, sa kaniyang
mana, upang ariin ang lupa. 7 At naglingkod ang bayan
sa Panginoon sa lahat ng mga araw ni Josue, at sa lahat
ng mga araw ng mga matandang natirang nabuhay kay
Josue, na nakakita ng mga dakilang gawa ng Panginoon, na
kaniyang ginawa sa Israel. 8 At si Josue na anak ni Nun,
na lingkod ng Panginoon, ay namatay, na may isang daan
at sangpung taon ang gulang. 9 At kanilang inilibing siya
sa hangganan ng kaniyang mana, sa Timnath-heres, sa
lupaing maburol ng Ephraim, sa hilagaan ng bundok Gaas.
10 At ang buong lahing yaon ay nalakip din sa kanilang mga
magulang; at doo'y may ibang lahing bumangon pagkamatay
nila, na hindi nakilala ang Panginoon, ni ang mga gawa na
kaniyang ginawa sa Israel. 11 At ginawa ng mga anak ni
Israel ang masama sa paningin ng Panginoon, at naglingkod
sa mga Baal: 12 At kanilang pinabayaan ang Panginoon,
ang Dios ng kanilang mga magulang, na naglabas sa kanila
sa lupain ng Egipto, at sumunod sa ibang mga dios, sa mga
dios ng mga bayan na nasa palibot nila, at sila'y yumukod sa
mga yaon: at kanilang minungkahi ang Panginoon sa galit.
13 At kanilang pinabayaan ang Panginoon, at naglingkod
kay Baal at kay Astaroth. 14 At ang galit ng Panginoon
ay nagalab laban sa Israel, at kaniyang ibinigay sila sa
kamay ng mga mangloloob na lumoob sa kanila; at kaniyang
ipinagbili sila sa mga kamay ng kanilang mga kaaway sa
palibot, na anopa't sila'y hindi makatayong maluwat sa harap
ng kanilang mga kaaway. 15 Saan man sila yumaon, ang
kamay ng Panginoon ay laban sa kanila sa ikasasama nila,
gaya ng sinalita ng Panginoon, at gaya ng isinumpa sa kanila
ng Panginoon: sila'y nagipit na mainam. 16 At nagbangon
ang Panginoon ng mga hukom, na nagligtas sa kanila sa
kamay niyaong mga lumoloob sa kanila. 17 At gayon ma'y
hindi nila dininig ang kanilang mga hukom: sapagka't sila'y
sumamba sa ibang mga dios, at kanilang niyukuran ang mga
yaon: sila'y nagpakaligaw na madali sa daan na nilakaran
ng kanilang mga magulang, na sumunod ng mga utos
ng Panginoon; nguni't hindi sila gumawa ng gayon. 18 At
nang ipagbangon sila ng Panginoon ng mga hukom, ang
Panginoon ay suma hukom, at iniligtas sila sa kamay ng
kanilang mga kaaway sa lahat ng mga araw ng hukom:
sapagka't nagsisi ang Panginoon dahil sa kanilang daing,
dahil doon sa mga pumighati sa kanila at nagpakalupit sa
kanila. 19 Nguni't nangyari pagkamatay ng hukom, na sila'y
tumalikod at lalong sumama kay sa kanilang mga magulang
sa pagsunod sa ibang mga dios, upang maglingkod sa
kanila, at yumukod sa kanila; sila'y hindi naglikat sa kanilang
mga gawa, ni sa kanilang tampalasang lakad. 20 At ang
galit ng Panginoon ay nagalab laban sa Israel; at kaniyang
sinabi, Sapagka't sinalangsang ng bansang ito ang aking
tipan na aking iniutos sa kanilang mga magulang, at hindi
dininig ang aking tinig; 21 Hindi ko na naman palalayasin
pa sa harap nila ang sinoman ng mga bansang iniwan ni
Josue nang siya'y mamatay; 22 Upang sa pamamagitan
nila'y aking masubok ang Israel, kung kanilang susundin o
hindi ang daan ng Panginoon upang lakaran nila, na gaya
ng inilakad ng kanilang mga magulang. 23 Kaya't iniwan ng
Panginoon ang mga bansang yaon, na hindi niya pinalayas
silang biglaan; ni ibinigay sila sa kamay ni Josue.

**3** Ito nga ang mga bansang iniwan ng Panginoon, upang
subukin ang Israel sa pamamagitan nila, sa makatuwid
baga'y sa mga hindi nakaalam ng mga pagbabaka sa
Canaan; 2 Nang maalaman man lamang yaon ng mga sali't
saling lahi ng mga anak ni Israel, upang turuan sila ng
pakikibaka, yaon man lamang nang una'y hindi nakaalam: 3
Ang nangabanggit ay ang limang pangulo ng mga Filisteo at
ang lahat ng mga Cananeo, at ang mga Sidonio, at ang mga
Heveo, na tumatahan sa bundok ng Libano, mula sa bundok
ng Baal-hermon hanggang sa pasukan ng Hamath. 4 At
sila nga upang subukin ang Israel sa pamamagitan nila,
na maalaman kung kanilang didinggin ang mga utos ng

Panginoon, na kaniyang iniutos sa kanilang mga magulang
sa pamamagitan ni Moises. 5 At ang mga anak ni Israel
ay tumahan sa gitna ng mga Cananeo, ng Hetheo, at ng
Amorrheo, at ng Pherezeo, at ng Heveo, at ng Jebuseo:
6 At kinuha nila ang kanilang mga anak na babae upang
maging mga asawa nila, at ibinigay ang kanilang sariling
mga anak na babae sa kanilang mga anak na lalake, at
naglingkod sa kanilang mga dios. 7 At ginawa ng mga
anak ni Israel ang masama sa paningin ng Panginoon, at
nilimot ang Panginoon nilang Dios, at naglingkod sa mga
Baal at sa mga Aseroth. 8 Kaya't ang galit ng Panginoon
ay nagalab laban sa Israel, at kaniyang ipinagbili sila sa
kamay ni Chusan-risathaim, na hari sa Mesopotamia: at
ang mga anak ni Israel ay naglingkod kay Chusan-risathaim
na walong taon. 9 At nang dumaing sa Panginoon ang
mga anak ni Israel ay nagbangon ang Panginoon ng isang
tagapagligtas sa mga anak ni Israel, na siyang nagligtas sa
kanila, sa makatuwid baga'y si Othoniel na anak ni Cenaz,
na kapatid na bata ni Caleb. 10 At ang Espiritu ng Panginoon
ay sumakaniya, at siya'y naghukom sa Israel; at siya'y
lumabas na nakibaka, at ibinigay ng Panginoon si Chusan-
risathaim na hari sa Mesopotamia sa kaniyang kamay: at
ang kaniyang kamay ay nanaig laban kay Chusan-risathaim.
11 At nagpahinga ang lupain na apat na pung taon. At si
Othoniel na anak ni Cenaz ay namatay. 12 At ginawang
muli ng mga anak ni Israel ang masama sa paningin ng
Panginoon: at pinatibay ng Panginoon si Eglon na hari
sa Moab laban sa Israel, sapagka't kanilang ginawa ang
masama sa paningin ng Panginoon. 13 At kaniyang tinipon
ang mga anak ni Ammon at ni Amalec; at siya'y yumaon
at sinaktan niya ang Israel, at kanilang inari ang bayan
ng mga puno ng palma. 14 At ang mga anak ni Israel ay
naglingkod kay Eglon na labing walong taon. 15 Nguni't nang
dumaing ang mga anak ni Israel sa Panginoon, ibinangon sa
kanila ng Panginoon ang isang tagapagligtas, si Aod na
anak ni Gera, ang Benjamita, na isang lalaking kaliwete.
At ang mga anak ni Israel, ay nagpadala ng isang kaloob
sa pamamagitan niya kay Eglon na hari sa Moab. 16 At si
Aod ay gumawa ng isang tabak na may dalawang talim,
na may isang siko ang haba; at kaniyang ibinigkis sa loob
ng kaniyang suot, sa kaniyang dakong kanang hita. 17
At kaniyang inihandog ang kaloob kay Eglon na hari sa
Moab: at si Eglon ay lalaking napakataba. 18 At nang siya'y
matapos makapaghandog ng kaloob, ay pinapagpaalam niya
ang mga tao na nagdala ng kaloob. 19 Nguni't siya nga ay
bumalik mula sa tibagan ng bato na nasa piling ng Gilgal, at
nagsabi, Ako'y may isang pasugong lihim sa iyo, Oh hari. At
kaniyang sinabi, Tumahimik ka. At yaong lahat na nakatayo
sa siping niya, ay umalis sa harap niya. 20 At si Aod ay
naparoon sa kaniya; at siya'y nakaupong magisa sa kaniyang
kabahayan na pangtaginit. At sinabi ni Aod, Ako'y may
dalang pasugo sa iyo na mula sa Dios. At siya'y tumindig sa
kaniyang upuan. 21 At inilabas ni Aod ang kaniyang kaliwang
kamay, at binunot ang tabak mula sa kaniyang kanang hita,
at isinaksak sa kaniyang tiyan: 22 At pati ng puluhan ay
sumuot na kasunod ng talim; at natikom ang taba sa tabak,
sapagka't hindi niya binunot ang tabak sa kaniyang tiyan; at
lumabas sa likod. 23 Nang magkagayo'y lumabas si Aod sa
pintuan, at sinarhan niya siya sa mga pintuan ng kabahayan,
at pinagtatrangkahan. 24 Nang makalabas nga siya ay
dumating ang kaniyang mga alila; at kanilang nakita, at,
narito, ang mga pintuan ng kabahayan ay nakakandaduhan;
at kanilang sinabi, Walang pagsalang kaniyang tinatakpan
ang kaniyang mga paa sa kaniyang silid na pangtaginit. 25
At sila'y nangaghintay hanggang sa sila'y nangapahiya; at,
narito, hindi niya binuksan ang mga pintuan ng kabahayan:
kaya't sila'y kumuha ng susi, at binuksan; at, narito, ang
kanilang panginoon, ay nakabulagtang patay sa lupa. 26
At tumakas si Aod samantalang sila'y nangaghihintay, at
siya'y dumaan sa dako roon ng tibagan ng bato at tumakas
hanggang sa Seirath. 27 At nangyari, pagdating niya,
ay kaniyang hinipan ang pakakak sa lupaing maburol ng
Ephraim, at ang mga anak ni Israel ay nagsilusong na
kasama niya mula sa lupaing maburol, at siya'y sa unahan
nila. 28 At kaniyang sinabi sa kanila, Sumunod kayo sa akin;
sapagka't ibinigay ng Panginoon ang inyong mga kaaway
na mga Moabita sa inyong kamay. At sila'y nagsilusong
na kasunod niya, at sinakop ang mga tawiran sa Jordan
laban sa mga Moabita, at hindi nila pinayagang tumawid
doon ang sinomang tao. 29 At sila'y sumakit sa Moab nang
panahong yaon ng may sangpung libong lalake, bawa't
lalaking may loob, at bawa't lalaking may tapang; at doo'y
walang nakatakas na lalake. 30 Gayon napasuko ang Moab
nang araw na yaon, sa ilalim ng kapangyarihan ng kamay
ng Israel: at ang lupa'y nagpahingang walong pung taon.
31 At pagkatapos niya'y si Samgar, na anak ni Anat, ay
siyang nanakit sa mga Filisteo, ng anim na raang lalake, sa
pamamagitan ng panundot sa baka: at kaniya ring iniligtas
ang Israel.

4 At ginawa uli ng mga anak ni Israel ang masama sa
paningin ng Panginoon, nang mamatay si Aod. 2 At
ipinagbili sila ng Panginoon sa kamay ni Jabin na hari sa
Canaan, na naghahari sa Asor; na ang puno sa hukbong
yaon ay si Sisara, na siyang tumatahan sa Haroseth ng mga
bansa. 3 At dumaing ang mga anak ni Israel sa Panginoon:
sapagka't siya'y may siyam na raan na karong bakal; at
dalawang pung taong pinighati niyang mainam ang mga
anak ni Israel. 4 Si Debora nga, na propetisa, asawa ni

Lapidoth, ay naghukom sa Israel nang panahong yaon. 5 At
siya'y tumahan sa ilalim ng puno ng palma ni Debora, sa
pagitan ng Rama at Beth-el, sa lupaing maburol ng Ephraim;
at sinampa siya ng mga anak ni Israel upang pahatol. 6 At
kaniyang ipinatawag si Barac, na anak ni Abinoam mula sa
Cedes-nephtali, at sinabi sa kaniya, Hindi ba ang Panginoon,
ang Dios ng Israel, ay nagutos na sinasabi, Yumaon ka,
at pumaroon ka sa bundok ng Tabor, at magsama ka ng
sangpung libong lalake sa mga anak ni Nephtali at sa mga
anak ni Zabulon? 7 At aking isusulong sa iyo sa ilog Cison,
si Sisara, na puno sa hukbo ni Jabin, pati ng kaniyang mga
karo at ng kaniyang karamihan; at aking ibibigay siya sa
iyong kamay. 8 At sinabi ni Barac sa kaniya, Kung ikaw ay
sasama sa akin ay paroroon nga ako: nguni't kung hindi
ka sasama sa akin, ay hindi ako paroroon. 9 At kaniyang
sinabi, Walang pagsalang sasama ako sa iyo: gayon ma'y
ang lakad na iyong ipagpapatuloy ay hindi magiging sa
iyong kapurihan; sapagka't ipagbibili ng Panginoon si Sisara
sa kamay ng isang babae. At si Debora ay tumindig at
sumama kay Barac sa Cedes. 10 At tinawag ni Barac ang
Zabulon at ang Nephtali na magkasama sa Cedes; at doo'y
umahon ang sangpung libong lalake na kasunod niya: at
si Debora ay umahong kasama niya. 11 Si Heber nga na
Cineo ay humiwalay sa mga Cineo, sa makatuwid baga'y
sa mga anak ni Hobab, na biyanan ni Moises, at itinayo
ang kaniyang tolda hanggang sa encina sa Zaananim, na
nasa siping ng Cedes. 12 At kanilang isinaysay kay Sisara
na si Barac na anak ni Abinoam ay umahon sa bundok ng
Tabor. 13 At pinapagpisang magkakasama ni Sisara ang
lahat niyang mga karo, na siyam na raang karong bakal,
at ang buong bayan na kasama niya, mula sa Haroseth
ng mga bansa hanggang sa ilog Cison. 14 At sinabi ni
Debora kay Barac, Tumindig ka; sapagka't ito ang araw na
ibinigay ng Panginoon si Sisara sa iyong kamay: hindi ba
lumabas ang Panginoon sa harap mo? Sa gayo'y lumusong
si Barac mula sa bundok ng Tabor, at sangpung libong
lalake ang kasunod niya. 15 At nilansag ng Panginoon si
Sisara, at lahat ng mga karo niya, at ang buong hukbo
niya, ng talim ng tabak sa harap ni Barac; at lumunsad si
Sisara sa kaniyang karo, at tumakas na tumakbo. 16 Nguni't
hinabol ni Barac ang mga karo, at ang hukbo, hanggang
sa Haroseth ng mga bansa: at ang buong hukbo ni Sisara
ay nahulog sa talim ng tabak; walang lalaking nalabi. 17
Gayon ma'y tumakas si Sisara na tumakbo sa tolda ni Jael
na asawa ni Heber na Cineo; sapagka't may kapayapaan
si Jabin na hari sa Asor at ang sangbahayan ni Heber
na Cineo. 18 At sinalubong ni Jael si Sisara, at sinabi sa
kaniya, Lumiko ka, panginoon ko, lumiko ka rito sa akin:
huwag kang matakot. At siya'y lumiko sa kaniya sa loob ng
tolda, at siya'y tinalukbungan niya ng isang banig. 19 At
sinabi niya sa kaniya, Isinasamo ko sa iyo na bigyan mo ako
ng kaunting tubig na mainom; sapagka't ako'y nauuhaw.
At binuksan niya ang isang balat na sisidlan ng gatas, at
pinainom niya siya, at tinakpan siya. 20 At sinabi ni Sisara
sa kaniya, Tumayo ka sa pintuan ng tolda, at mangyayari,
na pagka ang sinoman ay darating at magtatanong sa iyo, at
magsasabi, May tao ba riyan? na iyong sasabihin, Wala.
21 Nang magkagayo'y kumuha si Jael na asawa ni Heber
ng isang tulos ng tolda, at kumuha ng isang pamukpok sa
kaniyang kamay at naparoong dahandahan sa kaniya, at
itinusok ang tulos sa kaniyang pilipisan, at pinalagpasan siya
hanggang sa lupa; sapagka't siya'y nakatulog ng mahimbing;
sa gayo'y nanglupaypay siya at namatay. 22 At, narito, sa
paraang hinahabol ni Barac si Sisara, ay lumabas si Jael na
sinalubong siya, at sinabi sa kaniya: Parito ka, at ituturo ko
sa iyo ang lalake na iyong hinahanap. At siya'y naparoon sa
kaniya, at, narito, si Sisara ay nakabulagtang patay, at ang
tulos ay nasa kaniyang ulo. 23 Gayon pinasuko ng Dios
nang araw na yaon si Jabin na hari sa Canaan sa harap ng
mga anak ni Israel. 24 At nanaig ang kamay ng mga anak ni
Israel ng higit at higit laban kay Jabin na hari sa Canaan,
hanggang sa naigiba nila si Jabin na hari sa Canaan.

**5** Nang magkagayo'y umawit si Debora at si Barac na
anak ni Abinoam nang araw na yaon, na sinasabi, 2
Sapagka't namatnubay ang mga tagapatnubay sa Israel,
Sapagka't ang bayan ay humandog na kusa, Purihin ninyo
ang Panginoon. 3 Dinggin ninyo, Oh ninyong mga hari;
pakinggan ninyo, Oh ninyong mga prinsipe; Ako, ako'y aawit
sa Panginoon, Ako'y aawit ng pagpupuri sa Panginoon,
na Dios ng Israel. 4 Panginoon, nang ikaw ay lumabas
sa Seir, Nang ikaw ay yumaon mula sa bukid ng Edom,
Ang lupa'y nayanig, ang langit naman ay pumatak, Oo, ang
mga alapaap ay nagpatak ng tubig. 5 Ang mga bundok ay
humuho sa harap ng Panginoon, Pati yaong Sinai, sa harap
ng Panginoon, ng Dios ng Israel. 6 Sa mga kaarawan ni
Samgar na anak ni Anat, Sa mga kaarawan ni Jael, ang
mga paglalakbay ay naglikat, At ang mga manglalakbay
ay bumagtas sa mga lihis na landas. 7 Ang mga pinuno
ay naglikat sa Israel, sila'y naglikat, Hanggang sa akong
si Debora, ay bumangon, Na ako'y bumangon na isang
ina sa Israel. 8 Sila'y nagsipili ng mga bagong dios; Nang
magkagayo'y nagkaroon ng digma sa mga pintuang-bayan:
May nakita kayang kalasag o sibat sa apat na pung libo
sa Israel? 9 Ang aking puso ay nasa mga gobernador sa
Israel, Na nagsihandog na kusa sa bayan; Purihin ninyo
ang Panginoon! 10 Saysayin ninyo, ninyong mga nakasakay
sa mapuputing asno, Ninyong nangakaupo sa maiinam na
latag, At ninyong nangagsisilakad sa daan. 11 Malayo sa

ingay ng mga manghuhutok, sa mga dakong igiban ng tubig,
Doon sila magpapanibagong magsanay sa mga matuwid na
gawa ng Panginoon, Ng mga matuwid na gawa ng kaniyang
pagpupuno sa Israel. Bumaba nga ang bayan ng Panginoon
sa mga pintuang-bayan. 12 Gumising ka, gumising ka,
Debora; gumising ka, gumising ka, bumigkas ka ng awit:
Bumangon ka, Barac, at ihatid mo ang iyong mga bihag,
ikaw na anak ni Abinoam. 13 Nagsibaba nga ang nalabi sa
mga mahal, at ang bayan; Ang Panginoon ay bumaba dahil
sa akin laban sa mga makapangyarihan. 14 Sa Ephraim
nangagmula silang nasa Amalec ang ugat; Sa likuran mo, ay
ang Benjamin, na kasama ng iyong mga bayan; Sa Machir
nangagmula ang mga gobernador, At sa Zabulon yaong
nangaghahawak ng tungkod ng pagpupuno. 15 At ang mga
prinsipe sa Issachar ay kasama ni Debora; Na kung paano
si Issachar ay gayon si Barac, Sa libis nagsisubasob sa
kaniyang paanan. Sa tabi ng mga agusan ng tubig ng Ruben
ay nagkaroon ng mga dakilang pasiya ng puso. 16 Bakit ka
nakaupo sa gitna ng mga kulungan ng tupa, Upang makinig
ba ng mga tawag sa mga kawan? Sa agusan ng tubig ng
Ruben Nagkaroon ng mga dakilang pasiya ng puso. 17 Ang
Galaad ay tumahan sa dako roon ng Jordan: At ang Dan,
bakit siya'y natira sa mga sasakyan sa tubig? Ang Aser ay
nanatili sa mga baybayin ng dagat, At nanahan sa kaniyang
mga daong. 18 Ang Zabulon ay isang bayan na isinapanganib
ang kanilang buhay sa ikamamatay, At ang Nephtali, ay sa
matataas na dako ng bukiran. 19 Ang mga hari ay nagsiparito
at nagsilaban; Nang magkagayo'y nagsilaban ang mga hari
ng Canaan, Sa Taanach na nasa tabi ng tubig sa Megiddo:
Sila'y hindi nagdala ng mga pakinabang na salapi. 20 Ang
mga bituin ay nakipaglaban mula sa langit, Sa kanilang
paglakad sila'y nakipaglaban kay Sisara. 21 Tinangay sila ng
ilog Cison, Ng matandang ilog na yaon, ng ilog Cison. Oh
kaluluwa ko, lumakad kang may lakas. 22 Nang magkagayo'y
nagsiyabag ang mga kuko ng mga kabayo, Dahil sa mga
pagdamba, sa pagdamba ng kanilang mga malakas. 23
Sumpain ninyo si Meroz, sabi ng anghel ng Panginoon,
Sumpain ninyo ng kapaitpaitan ang mga tagaroon sa kaniya;
Sapagka't sila'y hindi naparoon na tumulong sa Panginoon,
Na tumulong sa Panginoon, laban sa mga makapangyarihan.
24 Pagpalain sa lahat ng babae si Jael, Ang asawa ni Heber
na Cineo, Pagpalain siya sa lahat ng babae sa tolda. 25
Siya'y humingi ng tubig, at binigyan niya ng gatas; Kaniyang
binigyan siya ng mantekilya sa pinggang mahal. 26 Kaniyang
hinawakan ng kaniyang kamay ang tulos, At ng kaniyang
kanang kamay ang pamukpok ng mga manggagawa; At
sa pamamagitan ng pamukpok ay kaniyang sinaktan si
Sisara, pinalagpasan niya sa kaniyang ulo, Oo, kaniyang
tinarakan at pinalagpasan ang kaniyang pilipisan. 27 Sa
kaniyang paanan ay nasubasob, siya'y nabuwal, siya'y
nalugmok: Sa kaniyang paanan siya'y nasubasob, siya'y
nabuwal. Kung saan siya sumubasob, doon siya nalugmok
na patay. 28 Sa dungawan ay sumungaw, at sumigaw; Ang
ina ni Sisara ay humiyaw mula sa mga silahia: Bakit kaya
ang kaniyang karo ay nagluluwat ng pagdating? Bakit kaya
bumabagal ang mga gulong ng kaniyang mga karo? 29
Ang kaniyang mga pantas na babae ay sumagot sa kaniya,
Oo, siya'y nagbalik ng sagot sa kaniyang sarili, 30 Hindi
ba sila nakasumpong, hindi ba nila binahagi ang samsam?
Isang dalaga, dalawang dalaga sa bawa't lalake; Kay Sisara
ay samsam na damit na may sarisaring kulay, Samsam
na sarisaring kulay ang pagkaburda, Na sarisaring kulay,
na burda sa dalawang tagiliran, Na suot sa leeg ng mga
bihag? 31 Gayon malipol ang lahat ng iyong mga kaaway, Oh
Panginoon: Nguni't yaong mga umiibig sa kaniya ay maging
parang araw pagka lumalabas sa kaniyang kalakasan. At
ang lupain ay nagpahinga na apat na pung taon.

**6** At ginawa ng mga anak ni Israel yaong masama sa
paningin ng Panginoon: at ibinigay sila ng Panginoon
sa kamay ng Madian na pitong taon. 2 At ang kamay ng
Madian ay nanaig laban sa Israel: at dahil sa Madian ay
gumawa ang mga anak ni Israel ng mga kutang nangasa
bundok, at ng mga yungib, at ng mga dakong matibay. 3 At
ganito ang nangyari, noong ang Israel ay nakapaghasik, na
nagsiahon ang mga Madianita, at ang mga Amalecita, at ang
mga anak sa silanganan; sila'y nagsiahon laban sa kanila; 4
At sila'y humantong laban sa kanila, at kanilang sinira ang
bunga ng lupa, hanggang sa sila'y dumating sa Gaza, at
wala silang iniwang anoman sa Israel, maging tupa, o baka
man, o asno man. 5 Sapagka't sila'y nagsiahong dala nila
ang kanilang kawan at ang kanilang mga tolda; at sila'y
nagsipasok na parang balang sa karamihan; sila at ang
kanilang mga kamelyo ay walang bilang: at kanilang pinasok
ang lupain upang gibain. 6 At ang Israel ay huminang totoo
dahil sa Madian; at ang mga anak ni Israel ay dumaing sa
Panginoon. 7 At nangyari, nang dumaing sa Panginoon
ang mga anak ni Israel, dahil sa Madian. 8 Ay nagsugo
ang Panginoon ng isang propeta sa mga anak ni Israel: at
kaniyang sinabi sa kanila, Ganito ang sabi ng Panginoon
ng Dios ng Israel, Kayo'y aking iniahon mula sa Egipto, at
inilabas ko kayo sa bahay ng pagkaalipin; 9 At pinapaging
laya ko kayo sa kamay ng mga taga Egipto, at sa kamay ng
mga pumipighati sa inyo, at aking pinalayas sila sa harap
ninyo, at ibinigay ko sa inyo ang kanilang lupain; 10 At
aking sinabi sa inyo, Ako ang Panginoon ninyong Dios;
kayo'y huwag matatakot sa mga dios ng mga Amorrheo,
na siyang lupaing inyong tinatahanan: nguni't hindi ninyo
dininig ang aking tinig. 11 At ang anghel ng Panginoon ay

naparoon at umupo sa ilalim ng encina na nasa Ophra,
na kay Joas na Abiezerita: at ang kaniyang anak na si
Gedeon ay pumapalo ng trigo sa ubasan, upang itago sa
mga Madianita. 12 At napakita ang anghel ng Panginoon
sa kaniya, at sinabi sa kaniya, Ang Panginoo'y sumasaiyo,
ikaw lalaking makapangyarihang may tapang. 13 At sinabi ni
Gedeon sa kaniya, Oh Panginoon ko, kung ang Panginoon
ay sumasaamin, bakit nga ang lahat ng ito ay sumapit sa
amin? at saan naroon ang lahat niyang kababalaghang
gawa na isinaysay sa amin ng aming mga magulang, na
sinasabi, Hindi ba tayo iniahon ng Panginoon mula sa
Egipto? nguni't ngayo'y hiniwalayan kami ng Panginoon at
ibinigay kami sa kamay ng Madian. 14 At tiningnan siya ng
Panginoon, at sinabi, Yumaon ka sa kalakasan mong ito,
at iligtas mo ang Israel sa kamay ng Madian: hindi ba kita
sinugo? 15 At sinabi niya sa kaniya, Oh Panginoon, paanong
ililigtas ko ang Israel? narito, ang aking angkan ay siyang
pinakadukha sa Manases, at ako ang pinakamaliit sa bahay
sangbahayan ng aking ama. 16 At sinabi ng Panginoon sa
kaniya, Walang pagsalang ako'y sasaiyo; at iyong sasaktan
ang mga Madianita na parang isang lalake. 17 At sinabi niya
sa kaniya, Kung ngayo'y nakasumpong ako ng biyaya sa
iyong paningin, ay bigyan mo nga ako ng isang tanda, na
ikaw ang nakikipagusap sa akin. 18 Isinasamo ko sa iyo
na huwag kang umalis dito, hanggang sa ako'y parito sa
iyo, at ilabas ko ang aking handog, at ilapag ko sa harap
mo. At kaniyang sinabi, Ako'y maghihintay hanggang sa
ikaw ay bumalik. 19 At si Gedeon ay pumasok, at naglutong
madali ng isang anak ng kambing, at ng isang efa ng harina,
ng mga munting tinapay na walang lebadura: inilagay ang
karne sa isang buslo, at kaniyang inilagay ang sabaw sa
isang palyok, at inilabas sa kaniya sa ilalim ng encina, at
inihain. 20 At sinabi ng anghel ng Dios sa kaniya, Kunin
mo ang karne at ang mga munting tinapay na walang
lebadura at ipatong mo sa batong ito at ibuhos mo ang
sabaw. At kaniyang ginawang gayon. 21 Nang magkagayo'y
iniunat ng anghel ng Panginoon ang dulo ng tungkod, na
nasa kaniyang kamay, at sinalang ang karne at ang mga
munting tinapay na walang lebadura; at napailanglang ang
apoy sa bato, at pinugnaw ang karne at ang mga munting
tinapay na walang lebadura; at ang anghel ng Panginoon
ay nawala sa kaniyang paningin. 22 At nakita ni Gedeon
na siya ang anghel ng Panginoon; at sinabi ni Gedeon,
Aba, Oh Panginoon Dios! sapagka't aking nakita ang anghel
ng Panginoon na mukhaan. 23 At sinabi ng Panginoon sa
kaniya, Kapayapaan ang sumaiyo; huwag kang matakot:
hindi ka mamamatay. 24 Nang magkagayo'y nagtayo roon si
Gedeon ng isang dambana sa Panginoon, at tinawag na
Jehova-salom: hanggang sa araw na ito ay nasa sa Ophra
pa ng mga Abiezerita. 25 At nangyari nang gabi ring yaon, na
sinabi ng Panginoon sa kaniya, Kunin mo ang toro ng iyong
ama, ang ikalawang toro na may pitong taong katandaan, at
iwasak mo ang dambana ni Baal na tinatangkilik ng iyong
ama, at putulin mo ang Asera na nasa siping niyaon. 26 At
ipagtayo mo, sa isang paraang maayos ng isang dambana
ang Panginoon mong Dios sa taluktok nitong matibay na
dako; at kunin mo ang ikalawang toro, at maghandog ka ng
isang handog na susunugin sangpu ng kahoy ng Asera na
iyong puputulin. 27 Nang magkagayo'y kumuha si Gedeon
ng sangpung lalake sa kaniyang mga bataan, at ginawa
ang ayon sa sinalita ng Panginoon sa kaniya: at nangyari,
na sapagka't siya'y natakot sa sangbahayan ng kaniyang
ama at sa mga lalake sa bayan, kaya't hindi niya nagawa sa
araw ay kaniyang ginawa sa gabi. 28 At nang bumangong
maaga ang mga lalake sa bayan ng kinaumagahan narito,
ang dambana ni Baal ay wasak, at ang Asera na nasa
siping niyaon ay putol, at ang ikalawang toro ay inihandog
sa dambana na itinayo. 29 At sila'y nangagsalitaan, Sino
ang gumawa ng bagay na ito? At nang kanilang usisain at
itanong ay kanilang sinabi, Ginawa ni Gedeon na anak ni
Joas ang bagay na ito. 30 Nang magkagayo'y sinabi kay
Joas ng mga lalake sa bayan, Ilabas mo ang iyong anak
upang siya'y mamatay: sapagka't kaniyang iniwasak ang
dambana ni Baal, at sapagka't kaniyang pinutol ang Asera
na nasa siping niyaon. 31 At sinabi ni Joas sa lahat na
nakatayong laban sa kaniya, Ipagsasanggalang ba ninyo si
Baal? o ililigtas ba ninyo siya? yaong magsasanggalang sa
kaniya ay papatayin samantalang umaga pa; kung siya'y
dios ay magsanggalang siya sa kaniyang sarili, sapagka't
may nagwasak ng kaniyang dambana. 32 Kaya't nang
araw na yaon ay tinawag siyang Jerobaal, na sinasabi,
Magsanggalang si Baal laban sa kaniya, sapagka't iniwasak
niya ang kaniyang dambana. 33 Nang magkagayo'y lahat ng
mga Madianita, at mga Amalecita at mga anak sa silanganan
ay nagpulong; at sila'y nagtuloy at humantong sa libis ng
Jezreel. 34 Nguni't ang Espiritu ng Panginoon ay suma kay
Gedeon; at humihip siya ng isang pakakak; at ang mga
Abiezerita ay nangagkapisan sa kaniya. 35 At nagsugo ng
mga sugo sa buong Manases; at sila man ay nangakipisan
sa kaniya: at siya'y nagsugo ng mga sugo sa Aser, at sa
Zabulon, at sa Nephtali, at sila'y umahong sumalubong sa
kanila. 36 At sinabi ni Gedeon sa Dios, Kung iyong ililigtas
ang Israel sa pamamagitan ng aking kamay, gaya ng iyong
sinalita. 37 Narito, aking ilalagay ang isang balat na lana
sa giikan; kung dumoon lamang sa balat ang hamog, at
maging tuyo ang buong lupa, ay malalaman ko nga na
iyong ililigtas ang Israel sa pamamagitan ng aking kamay,
gaya ng iyong sinalita. 38 At nagkagayon: sapagka't siya'y

bumangong maaga ng kinaumagahan, at hinigpit ang buong
balat, at piniga ang hamog sa balat, na isang tasang malaki
ng tubig. 39 At sinabi ni Gedeon sa Dios, Huwag magalab
ang iyong galit laban sa akin, at magsasalita na lamang
ako ng minsan pa: isinasamo ko sa iyo na ipasubok mo
pa sa aking minsan sa pamamagitan ng balat: tuyuin mo
ngayon ang balat lamang, at sa buong lupa ay magkaroon
ng hamog. 40 At ginawang gayon ng Dios nang gabing
yaon: sapagka't natuyo ang balat lamang, at nagkaroon ng
hamog sa buong lupa.

7 Nang magkagayo'y si Jerobaal na siyang Gedeon, at ang
buong bayan na kasama niya ay bumangong maaga,
at humantong sa bukal ng Harod: at ang kampamento ng
Madian ay nasa dakong hilagaan nila, sa dako roon ng
Moreh, sa libis. 2 At sinabi ng Panginoon kay Gedeon,
Ang bayang kasama mo ay totoong marami sa akin upang
aking ibigay ang mga Madianita sa kanilang kamay, baka
ang Israel ay magmalaki laban sa akin, na sabihin, Aking
sariling kamay ang nagligtas sa akin. 3 Kaya't ngayo'y
yumaon ka, ipagpatawag mo sa mga pakinig ng bayan,
na iyong sabihin, Sinomang matatakutin at mapanginig, ay
bumalik at pumihit mula sa bundok ng Galaad. At bumalik
sa bayan ang dalawang pu't dalawang libo; at naiwan ang
sangpung libo. 4 At sinabi ng Panginoon kay Gedeon, Ang
bayan ay totoong marami pa; palusungin mo sila sa tubig,
at doo'y aking susubukin sila sa iyo: at mangyayari, na
sinomang aking sabihin sa iyo, Ito'y sumama sa iyo, yaon
sumama sa iyo; at sa sinomang sabihin ko sa iyo, Ito'y
huwag sumama sa iyo, yao'y huwag sumama sa iyo. 5
Sa gayo'y kaniyang inilusong ang bayan sa tubig: at sinabi
ng Panginoon kay Gedeon, Bawa't humimod sa tubig ng
kaniyang dila, gaya ng paghimod ng aso, ay iyong ihihiwalay:
gayon din ang bawa't yumukong lumuhod upang uminom. 6
At ang bilang ng mga humimod, na inilalagay ang kanilang
kamay sa kanilang bibig, ay tatlong daang lalake: nguni't
ang buong labis ng bayan ay yumukong lumuhod upang
uminom ng tubig. 7 At sinabi ng Panginoon kay Gedeon,
Sa pamamagitan ng tatlong daang lalake na humimod ay
ililigtas ko kayo, at ibibigay ko ang mga Madianita sa iyong
kamay: at pabayaan mong ang buong bayan ay yumaon
bawa't isa sa kanikaniyang dako. 8 Sa gayo'y nagbaon ang
bayan sa kanilang kamay ng mga pagkain at ng kanilang
mga pakakak: at kaniyang sinugo ang lahat ng mga lalake
sa Israel na bawa't isa ay umuwi sa kanikaniyang tolda,
nguni't pinigil ang tatlong daang lalake: at ang kampamento
ng Madian ay nasa ibaba niya sa libis. 9 At nangyari
nang gabi ring yaon, na sinabi ng Panginoon sa kaniya,
Bumangon ka, lusungin mo ang kampamento; sapagka't
aking ibinigay sa iyong kamay. 10 Nguni't kung ikaw ay
natatakot na lumusong, ay lumusong ka sa kampamento na
kasama ni Phara na iyong lingkod. 11 At iyong maririnig
kung ano ang kanilang sinasabi, at pagkatapos ang iyong
mga kamay ay lalakas na lumusong sa kampamento. Nang
magkagayo'y lumusong siyang kasama si Phara na kaniyang
lingkod sa pinakahangganan ng mga lalaking may sakbat
na nangasa kampamento. 12 At ang mga Madianita at ang
mga Amalecita at ang lahat ng mga anak sa silanganan
ay nalalatag sa libis na parang balang dahil sa karamihan;
at ang kanilang mga kamelyo ay walang bilang, na gaya
ng buhangin na nasa tabi ng dagat dahil sa karamihan. 13
At nang dumating si Gedeon, narito, may isang lalake na
nagsasaysay ng isang panaginip sa kaniyang kasama, at
kaniyang sinabi, Nanaginip ako ng isang panaginip; at, narito,
isang munting tinapay na sebada, ay gumulong hanggang
sa kampamento ng Madian, at umabot sa tolda, at tinamaan
yaon ng malakas na tuloy bumagsak, at natiwarik, na ang
tolda'y lumagpak. 14 At sumagot ang kaniyang kasama,
at nagsabi, Ito'y hindi iba, kundi ang tabak ni Gedeon, na
anak ni Joas, isang lalaking Israelita, na ibinigay ng Dios sa
kaniyang kamay ang Madian at ang buong hukbo niya. 15 At
nangyari, nang marinig ni Gedeon ang salaysay tungkol
sa panaginip, at ang pagkapaliwanag niyaon, na siya'y
sumamba; at siya'y bumalik sa kampamento ng Israel, at
sinabi, Tumindig kayo; sapagka't ibinigay ng Panginoon sa
inyong kamay ang hukbo ng Madian. 16 At binahagi niya
ang tatlong daang lalake ng tatlong pulutong, at kaniyang
nilagyan ang mga kamay nilang lahat ng mga pakakak,
at mga bangang walang laman at mga sulo sa loob ng
mga banga. 17 At kaniyang sinabi sa kanila, Masdan ninyo
ako, at inyong parisan: at, narito, pagka ako'y dumating
sa pinakahuling bahagi ng kampamento, ay mangyayari,
na kung anong aking gawin ay siya ninyong gagawin. 18
Pagka ako'y hihihip ng pakakak, ako at lahat na kasama ko,
ay humihip nga naman kayo ng mga pakakak, sa buong
palibot ng buong kampamento, at sabihin ninyo, Ang tabak
ng Panginoon at ni Gedeon. 19 Sa gayo'y si Gedeon, at ang
isang daang lalake na kasama niya ay napasa pinakahuling
bahagi ng kampamento sa pasimula ng pagbabantay sa
hating gabi, ng halos kahahalili lamang ng bantay: at sila'y
humihip ng mga pakakak, at kanilang binasag ang mga
banga na nasa kanilang mga kamay. 20 At hinipan ng tatlong
pulutong ang mga pakakak, at binasag ang mga banga,
at itinaas ang mga sulo sa kanilang kaliwang kamay, at
ang mga pakakak sa kanilang kanang kamay na kanilang
hinihipan, at sila'y naghiyawan, Ang tabak ng Panginoon at
ni Gedeon. 21 At sila'y nangakatayo, bawa't isa, sa kaniyang
dako sa palibot ng kampamento: at ang buong hukbo ay
tumakbo; at sila'y sumigaw at pinatakas nila. 22 At hinipan

nila ang tatlong daang pakakak at inilagay ng Panginoon ang
tabak ng bawa't isa laban sa kaniyang kasama, at laban sa
buong hukbo: at tumakas ang hukbo hanggang sa Beth-sitta
sa dakong Cerera, hanggang sa hangganan ni Abelmehola,
sa siping ng Tabbat. **23** At ang mga lalake ng Israel ay
nagpipisan, ang sa Nephtali, at ang sa Aser, at sa buong
Manases, at hinabol ang Madian. **24** At nagsugo si Gedeon
ng mga sugo sa buong lupaing maburol ng Ephraim, na
sinasabi, Lusungin ninyo ang Madian, at agapan ninyo ang
tubig, hanggang sa Beth-bara, at ang Jordan. Sa gayo'y ang
lahat ng mga lalake ng Ephraim ay nagkapisan, at inagapan
ang tubig hanggang sa Beth-bara, at ang Jordan. **25** At
kanilang hinuli ang dalawang prinsipe sa Madian, si Oreb at
si Zeeb: at kanilang pinatay si Oreb sa batuhan ni Oreb at si
Zeeb ay kanilang pinatay sa pisaan ng ubas ni Zeeb, at
hinabol ang Madian: at kanilang dinala ang mga ulo ni Oreb
at ni Zeeb kay Gedeon sa dako roon ng Jordan.

**8** At sinabi ng mga lalake ng Ephraim sa kaniya, Bakit
ginawa mo sa amin ang ganyan, na hindi mo kami
tinawag nang ikaw ay yumaong makipaglaban sa Madian?
At siya'y pinagwikaan nilang mainam. **2** At sinabi niya sa
kanila, Ano ang aking ginawa ngayon na paris ng inyo?
Di ba mainam ang pagsimot ng ubas ng Ephraim kay sa
pagaani ng sa Abiezer? **3** Ibinigay ng Dios sa inyong kamay
ang mga prinsipe sa Madian, si Oreb, at si Zeeb, at ano ang
aking magagawa na paris ng inyo? Nang magkagayo'y ang
kanilang galit sa kaniya ay lumamig, nang kaniyang sabihin
yaon. **4** At si Gedeon ay dumating sa Jordan, at siya'y
tumawid, siya, at ang tatlong daang lalake na mga kasama
niya, mga pagod na, ay humahabol pa. **5** At sinabi niya sa
mga lalake sa Succoth, Isinasamo ko sa inyo na bigyan ninyo
ng mga tinapay ang bayan na sumusunod sa akin; sapagka't
sila'y mga pagod, at aking hinahabol si Zeba at si Zalmunna,
na mga hari sa Madian. **6** At sinabi ng mga prinsipe sa
Succoth, Nasa iyo na bang kamay ngayon ang mga kamay
ni Zeba at ni Zalmunna, upang bigyan namin ng tinapay ang
iyong hukbo? **7** At sinabi ni Gedeon, Kaya, pagka ibinigay ng
Panginoon, si Zeba at si Zalmunna sa aking kamay, ay akin
ngang gagalusan ang inyong laman ng mga tinik sa ilang at
ng mga dawag. **8** At inahon niya mula roon ang Penuel, at
siya'y nagsalita sa kanila ng gayon din: at sinagot siya ng
mga lalake sa Penuel na gaya ng isinagot ng mga lalake sa
Succoth. **9** At sinalita niya naman sa mga lalake sa Penuel,
na sinasabi, Pagbabalik kong payapa, ay aking ilalagpak
ang moog na ito. **10** Ngayo'y si Zeba at si Zalmunna ay nasa
Carcor, at ang kanilang mga hukbo na kasama nila, na may
labing limang libong lalake, yaong lahat na nalabi sa buong
hukbo ng mga anak sa silanganan: sapagka't nabuwal ang
isang daan at dalawang pung libong lalake na humahawak
ng tabak. **11** At si Gedeon ay umahon sa daan ng mga
tumatahan sa mga tolda sa silanganan ng Noba at Jogbea,
at sinaktan ang hukbo; sapagka't ang hukbo ay tiwasay. **12**
At si Zeba at si Zalmunna ay tumakas; at kaniyang hinabol
sila: at kaniyang hinuli ang dalawang hari sa Madian, na
si Zeba at si Zalmunna, at nalito ang buong hukbo. **13** At
tinalikdan ni Gedeon na anak ni Joas ang pagbabaka, mula
sa sampahan sa Heres. **14** At hinuli niya ang isang may
kabataan sa mga lalake sa Succoth, at nagusisa siya sa
kaniya: at ipinaalam sa kaniya ang mga prinsipe sa Succoth,
at ang mga matanda niyaon na pitong pu't pitong lalake.
**15** At sila'y naparoon sa mga lalake sa Succoth, at sinabi,
Narito si Zeba at si Zalmunna, na tungkol sa kanila, ay inyo
akong tinuya na inyong sinasabi, Nasa iyo na bang kamay
ngayon ang mga kamay ni Zeba at ni Zalmunna, upang
bigyan namin ng tinapay ang iyong mga lalake na mga
pagod? **16** At kaniyang kinuha ang mga matanda sa bayan,
at mga tinik sa ilang at mga dawag, at sa pamamagitan ng
mga yaon ay kaniyang tinuruan ang mga lalake sa Succoth.
**17** At kaniyang inilagpak ang moog ng Penuel, at pinatay ang
mga lalake sa bayan. **18** Nang magkagayo'y kaniyang sinabi
kay Zeba at kay Zalmunna. Anong mga lalake yaong inyong
pinatay sa Tabor? At sila'y sumagot, Kung ano ikaw ay
gayon sila; bawa't isa'y nahuhuwad sa mga anak ng isang
hari. **19** At kaniyang sinabi, Sila'y aking mga kapatid, na
mga anak ng aking ina: buhay ang Panginoon, kung inyong
iniligtas sana silang buhay, disin hindi ko kayo papatayin. **20**
At sinabi niya kay Jether na kaniyang panganay, Bangon, at
patayin mo sila. Nguni't ang bata'y hindi humawak ng tabak:
sapagka't siya'y natakot, dahil sa siya'y bata pa. **21** Nang
magkagayo'y sinabi ni Zeba at ni Zalmunna, Bumangon
ka, at daluhungin mo kami: sapagka't kung paano ang
pagkalalake ay gayon ang kaniyang lakas. At bumangon si
Gedeon, at pinatay si Zeba at si Zalmunna, at kinuha ang
mga pahiyas na may anyong kalahating buwan na nasa
mga leeg ng kanilang mga kamelyo. **22** Nang magkagayo'y
sinabi ng mga lalake ng Israel kay Gedeon, Magpuno ka sa
amin ngayon, ikaw at ang iyong anak, sapagka't iniligtas
mo kami sa kamay ng Madian. **23** At sinabi ni Gedeon sa
kanila, Hindi ako magpupuno sa inyo, o magpupuno man
ang aking anak sa inyo: ang Panginoon ang magpupuno
sa inyo. **24** At sinabi ni Gedeon sa kanila, Hangad ko ang
isang kahilingan sa inyo, na bigyan ako ng bawa't isa sa
inyo ng mga hikaw na kaniyang samsam. (Sapagka't sila'y
may mga gintong hikaw, dahil sa sila'y mga Ismaelita.) **25**
At sumagot sila, Ibibigay namin ng buong pagibig. At sila'y
naglatag ng isang balabal, at inilagay roon ng bawa't isa ang
mga hikaw na kaniyang samsam. **26** At ang timbang ng mga
gintong hikaw na kaniyang hiniling, ay isang libo at pitong

daang siklong ginto; bukod pa ang mga pahiyas na may
anyong kalahating buwan, at ang mga hikaw at ang mga
damit na morado na suot ng mga hari sa Madian, at bukod
pa ang mga tanikala na nangasa leeg ng mga kamelyo.
**27** At ginawang epod ni Gedeon at inilagay sa kaniyang
bayan, sa makatuwid baga'y sa Ophra: at ang buong Israel
ay naparoroon na sumasamba sa kaniya roon: at siyang
naging ikinasilo ni Gedeon at ng kaniyang sangbahayan.
**28** Gayon napasuko ang Madian sa harap ng mga anak ni
Israel, at hindi na nila itinaas pa ang kanilang ulo. At ang
lupain ay nagpahingang apat na pung taon sa mga araw
ni Gedeon. **29** At si Jerobaal na anak ni Joas ay yumaon
at tumahan sa kaniyang sariling bahay. **30** At nagkaroon
si Gedeon ng pitong pung anak na lumabas sa kaniyang
mga balakang: sapagka't siya'y mayroong maraming asawa.
**31** At ang kaniyang babae na nasa Sichem ay nagkaanak
naman sa kaniya ng isang lalake, at kaniyang tinawag ang
pangalan na Abimelech. **32** At namatay si Gedeon na anak
ni Joas na may mabuting katandaan at inilibing sa libingan ni
Joas na kaniyang ama, sa Ophra ng mga Abiezerita. **33** At
nangyari, pagkamatay ni Gedeon, na ang mga anak ni Israel
ay bumalik at sumamba sa mga Baal, at ginawang kanilang
dios ang Baal-berith. **34** At hindi naalaala ng mga anak ni
Israel ang Panginoon nilang Dios, na siyang nagpapaging
laya sa kanila sa kamay ng lahat nilang mga kaaway sa
buong palibot: **35** O gumanti man lamang ng kagandahang
loob sa sangbahayan ni Jerobaal, na siyang Gedeon ayon
sa lahat ng kabutihan na kaniyang ipinakita sa Israel.

**9** At si Abimelech na anak ni Jerobaal ay napasa Sichem,
sa mga kapatid ng kaniyang ina, at nagsalita sa kanila, at
sa lahat ng angkan ng sangbahayan ng ama ng kaniyang
ina, na nagsasabi, **2** Isinasamo ko sa inyo na inyong salitain
sa mga pakinig ng lahat ng mga lalake sa Sichem, Kung
ano ang magaling sa inyo, na lahat na anak ni Jerobaal na
pitong pung lalake ay magpuno sa inyo, o isa ang magpuno
sa inyo? alalahanin din naman ninyo na ako ay inyong buto
at inyong laman. **3** At tungkol sa kaniya ay sinalita ng mga
kapatid ng ina niya, sa mga pakinig ng lahat ng mga lalake
sa Sichem ang lahat ng mga salitang ito at ang kanilang
puso ay kumiling na sumunod kay Abimelech, sapagka't
kanilang sinabi, Siya'y ating kapatid. **4** At nagbigay sila ng
pitong pung putol na pilak, mula sa bahay ng Baal-berith,
na siyang iniupa ni Abimelech sa mga taong hampas lupa
at mga palaboy, na siyang mga sumunod sa kaniya. **5** At
siya'y naparoon sa bahay ng kaniyang ama sa Ophra, at
pinatay ang kaniyang mga kapatid na mga anak ni Jerobaal,
na pitong pung katao, sa ibabaw ng isang bato: nguni't si
Jotham na bunsong anak ni Jerobaal ay nalabi; sapagka't
siya'y nagtago. **6** At lahat ng mga lalake sa Sichem ay
nagpupulong at ang buong sangbahayan ni Millo, at yumaon
at ginawang hari si Abimelech sa tabi ng encina ng haliging
nasa Sichem. **7** At nang kanilang saysayin kay Jotham,
siya'y yumaon at tumayo sa taluktok ng bundok Gerizim,
at inilakas ang kaniyang tinig, at sumigaw, at sinabi sa
kanila, Dinggin ninyo ako, ninyong mga lalake sa Sichem,
upang dinggin kayo ng Dios. **8** Ang mga puno ng kahoy
ay naghalal ng hari na minsan; at kanilang sinabi sa puno
ng olibo, Maghari ka sa amin. **9** Nguni't sinabi ng puno ng
olibo sa kanila, Akin bang iiwan ang aking katabaan, na
siyang sa akin ay nakapagpaparangal sa Dios at sa tao, at
makipagindayunan sa mga puno ng kahoy? **10** At sinabi ng
mga punong kahoy sa puno ng igos, Halika, at maghari ka sa
amin. **11** Nguni't sinabi ng puno ng igos sa kanila, Akin bang
iiwan ang aking katamisan, at ang aking mabuting bunga, at
yayaong makipagindayunan sa mga puno ng kahoy? **12** At
sinabi ng mga puno ng kahoy sa puno ng ubas, Halika, at
maghari ka sa amin. **13** At sinabi ng puno ng ubas sa kanila,
Akin bang iiwan ang aking alak, na nagpapasaya sa Dios
at sa tao, at yayaong makipagindayunan sa mga puno ng
kahoy? **14** Nang magkagayo'y sinabi ng lahat ng mga puno
ng kahoy sa dawag, Halika, at maghari ka sa amin. **15** At
sinabi ng dawag sa mga puno ng kahoy, Kung tunay na
ako'y inyong inihahalal na hari ninyo, pumarito nga kayo at
manganlong kayo sa aking lilim: at kung hindi ay labasan ng
apoy ang dawag at pugnawin ang mga sedro ng Libano.
**16** Ngayon nga'y kung tapat at matuwid mong ginawang
hari si Abimelech, at kung gumawa kayo ng mabuti kay
Jerobaal at sa kaniyang sangbahayan, at kayo'y gumawa sa
kaniya ng ayon sa marapat sa kaniyang mga kamay; **17**
(Sapagka't ipinakipaglaban kayo ng aking ama at inihadlang
ang kaniyang buhay, at pinapaging laya kayo sa kamay ni
Madian: **18** At kayo'y bumangon laban sa sangbahayan ng
aking ama sa araw na ito, at pinatay ninyo ang kaniyang
mga anak, na pitong pung lalake, sa ibabaw ng isang bato,
at ginawa ninyong hari si Abimelech, na anak ng kaniyang
aliping babae, sa mga lalake sa Sichem, sapagka't siya'y
inyong kapatid; ) **19** Kung tapat nga at matuwid na kayo'y
gumanti kay Jerobaal at sa kaniyang sangbahayan sa araw
na ito, magalak nga kayo kay Abimelech at magalak naman
siya sa inyo: **20** Nguni't kung hindi ay labasan ng apoy
si Abimelech, at pugnawin ang mga lalake sa Sichem, at
ang sangbahayan ni Millo, at labasan ng apoy ang mga
lalake sa Sichem, at ang sangbahayan ni Millo, at pugnawin
si Abimelech. **21** At si Jotham ay tumakbong umalis, at
tumakas, at napasa Beer, at tumahan doon, dahil sa takot
kay Abimelech na kaniyang kapatid. **22** At si Abimelech ay
naging prinsipe sa Israel na tatlong taon. **23** At nagsugo ang
Dios ng isang masamang espiritu kay Abimelech at sa mga

lalake sa Sichem; at ang mga lalake sa Sichem ay naglilo
kay Abimelech. 24 Upang ang dahas na ginawa sa pitong
pung anak ni Jerobaal ay dumating, at upang ang kanilang
dugo ay malagpak kay Abimelech na kanilang kapatid, na
siyang pumatay sa kanila, at sa mga lalake sa Sichem, na
nagpalakas ng kaniyang mga kamay upang patayin ang
kaniyang mga kapatid. 25 At binakayan siya ng mga lalake
sa Sichem sa mga taluktok ng mga bundukin, at kanilang
pinagnakawan yaong lahat na dumaan sa daang yaon na
malapit sa kanila; at naibalita kay Abimelech. 26 At dumating
si Gaal na anak ni Ebed na kasama ng kaniyang mga
kapatid, at dumaan sa Sichem: at inilagak ng mga lalake sa
Sichem ang kanilang tiwala sa kaniya. 27 At sila'y lumabas
sa bukid, at namitas sa kanilang mga ubasan, at pinisa, at
nagpapista, at napasa bahay ng kanilang dios, at nagkainan
at naginuman, at sinumpa si Abimelech. 28 At sinabi ni
Gaal na anak ni Ebed, Sino si Abimelech at sino si Sichem,
upang, aming paglingkuran siya? hindi ba siya ang anak ni
Jerobaal? at si Zebul ay kaniyang pinuno? Maglingkod kayo
sa mga lalake ni Hamor na ama ni Sichem: nguni't bakit kami
maglilingkod sa kaniya? 29 At kahi manawari ang bayang
ito'y mapasa ilalim ng aking kamay. Kung magkagayo'y aking
hahalinhan si Abimelech. At kaniyang sinabi kay Abimelech,
Dagdagan mo ang iyong kawal at lumabas ka. 30 At nang
marinig ni Zebul na puno ng bayan ang mga salita ni Gaal
na anak ni Ebed, ay nagalab ang kaniyang galit. 31 At lihim
na nagsugo siya ng mga sugo kay Abimelech, na nagsabi,
Narito, si Gaal na anak ni Ebed at ang kaniyang mga kapatid
ay naparoon sa Sichem; at, narito, kanilang pinilit ang bayan
laban sa iyo. 32 Ngayon nga'y bumangon ka sa gabi, ikaw
at ang bayan na kasama mo, at bakayan mo sa bukid: 33
At mangyayari, na sa kinaumagahan, pagsikat ng araw,
ay babangon kang maaga, at isasalakay mo ang bayan:
at, narito, pagka siya at ang bayan na kasama niya ay
lumabas laban sa iyo, ay magagawa mo nga sa kanila ang
magalingin mo. 34 At bumangon si Abimelech, at ang buong
bayan na kasama niya, sa kinagabihan at sinalakay nila
ang Sichem, na sila'y apat na pulutong. 35 At lumabas si
Gaal na anak ni Ebed, at tumayo sa pasukan ng pintuang-
bayan; at si Abimelech ay bumangon sa pagbakay at ang
bayan na kasama niya. 36 At nang makita ni Gaal ang
bayan, ay kaniyang sinabi kay Zebul, Narito, bumababa ang
bayan mula sa taluktuk ng mga bundok. At sinabi ni Zebul
sa kaniya, Iyong nakikita'y mga lilim ng mga bundukin, na
parang mga lalake. 37 At nagsalita uli si Gaal, at nagsabi,
Tignan mo, bumababa ang bayan sa kalagitnaan ng lupain,
at isang pulutung ay dumarating sa daan ng encina ng
Meonenim. 38 Nang magkagayo'y sinabi ni Zebul sa kaniya,
Saan nandoon ngayon ang iyong bibig, na iyong ipinagsabi,
Sino si Abimelech upang tayo'y maglingkod sa kaniya?
hindi ba ito ang bayan na iyong niwalan ng kabuluhan?
lumabas ka ngayon at lumaban sa kanila. 39 At lumabas
si Gaal sa harap ng mga lalake sa Sichem, at lumaban
kay Abimelech. 40 At hinabol ni Abimelech siya, at siya'y
tumakas sa harap niya, at nabuwal ang maraming sugatan
hanggang sa pasukan ng pintuang-bayan. 41 At si Abimelech
ay tumahan sa Aruma: at pinalayas ni Zebul si Gaal at
ang kaniyang mga kapatid, upang sila'y huwag tumahan sa
Sichem. 42 At nangyari nang kinaumagahan, na ang baya'y
lumabas sa parang; at kanilang isinaysay kay Abimelech. 43
At kaniyang kinuha ang bayan, at binahagi niya ng tatlong
pulutong, at bumakay sa parang; at siya'y tumingin, at narito,
ang bayan ay lumabas sa kabayanan; at siya'y bumangon
laban sa kanila, at sila'y sinaktan niya. 44 At si Abimelech
at ang mga pulutong na kasama niya ay nagsidaluhong at
nagsitayo sa pasukan ng pintuan ng bayan: at ang dalawang
pulutong ay nagsidaluhong doon sa lahat ng nasa bukid, at
sila'y sinaktan nila. 45 At lumaban si Abimelech sa bayan
nang buong araw na yaon; at sinakop ang bayan, at pinatay
ang bayan na nasa loob niyaon: at iginiba ang kabayanan at
hinasikan ng asin. 46 At nang mabalitaan yaon ng lahat ng
mga lalake sa moog ng Sichem, ay pumasok sila sa kuta ng
bahay ng El-berith. 47 At nasaysay kay Abimelech, na ang
lahat ng mga tao sa moog ng Sichem ay nagpipisan. 48 At
umahon si Abimelech sa bundok ng Salmon, siya at ang
buong bayan na kasama niya; at sumunggab si Abimelech
ng isang palakol sa kaniyang kamay, at pumutol ng isang
sanga sa mga kahoy at itinaas, at ipinasan sa kaniyang
balikat: at sinabi niya sa bayan na kasama niya, Kung ano
ang makita ninyo na gawin ko, magmadali kayo, at gawin
ninyo ang aking ginawa. 49 At ang buong bayan ay pumutol
na gayon din ang bawa't lalake ng kanikaniyang sanga,
at sumunod kay Abimelech, at ipinaglalagay sa kuta, at
sinilaban ang kuta sa pamamagitan niyaon; na ano pa't ang
lahat ng mga lalake sa moog ng Sichem ay namatay rin, na
may isang libong lalake at babae. 50 Nang magkagayo'y
naparoon si Abimelech sa Thebes, at humantong ng laban
sa Thebes, at sinakop. 51 Nguni't may isang matibay na
moog sa loob ng bayan, at doo'y nagsitakas ang lahat na
lalake at babae at ang lahat na nasa bayan, at sinarhan,
at nagsisampa sa bubungan ng moog. 52 At naparoon
si Abimelech sa moog, at lumaban, at lumapit sa pintuan
ng moog, upang sunugin ng apoy. 53 At hinagis ng isang
babae, ng isang pangibabaw na bato ng gilingan ang ulo
ni Abimelech at nabasag ang kaniyang bungo. 54 Nang
magkagayo'y tinawag niyang madali ang bataang kaniyang
tagadala ng almas, at sinabi niya sa kaniya, Kunin mo ang
iyong tabak, at patayin mo ako, upang huwag sabihin tungkol

sa akin ng mga tao, Isang babae ang pumatay sa kaniya. At
pinalagpasan siya ng kaniyang bataan, at siya'y namatay.
55 At nang makita ng Israel na namatay si Abimelech, ay
yumaon ang bawa't lalake sa kanikaniyang dako. 56 Ganito
pinaghigantihan ng Dios ang kasamaan ni Abimelech, na
kaniyang ginawa sa kaniyang ama, sa pagpatay ng kaniyang
pitong pung kapatid: 57 At ang buong kasamaan ng mga
lalake sa Sichem ay pinaghigantihan ng Dios sa kanilang
mga ulo: at dumating sa kanila ang sumpa ni Jotham na
anak ni Jerobaal.

10 At pagkamatay ni Abimelech ay bumangon doon,
upang magligtas sa Israel, si Tola na anak ni Pua, na
anak ni Dodo, na lalake ng Issachar; at siya'y tumahan sa
Samir sa lupaing maburol ng Ephraim. 2 At siya'y naghukom
sa Israel na dalawang pu't tatlong taon; at namatay, at
inilibing sa Samir. 3 At pagkamatay niya'y bumangon si Jair,
na Galaadita; at siya'y naghukom sa Israel na dalawang
pu't dalawang taon. 4 At siya'y may tatlong pung anak na
sumasakay sa tatlong pung asno, at sila'y may tatlong pung
bayan na tinatawag na Havot-jair hanggang sa araw na
ito, na nangasa lupain ng Galaad. 5 At namatay si Jair, at
inilibing sa Camon. 6 At ginawa uli ng mga anak ni Israel
ang kasamaan sa paningin ng Panginoon, at naglingkod sa
mga Baal, at kay Astaroth, at sa mga dios sa Siria, at sa
mga dios sa Sidon, at sa mga dios sa Moab, at sa mga dios
ng mga anak ni Ammon, at sa mga dios ng mga Filisteo;
at pinabayaan nila ang Panginoon, at hindi naglingkod sa
kaniya. 7 At ang galit ng Panginoon ay nagalab laban sa
Israel, at ipinagbili niya sila sa kamay ng mga Filisteo, at sa
kamay ng mga anak ni Ammon. 8 At kanilang pinahirapan at
pinighati ang mga anak ni Israel nang taong yaon: labing
walong taong pinighati ang lahat ng mga anak ni Israel na
nangasa dako roon ng Jordan sa lupain ng mga Amorrheo,
na nasa Galaad. 9 At ang mga anak ni Ammon ay tumawid
sa Jordan upang lumaban naman sa Juda, at sa Benjamin,
at sa sangbahayan ni Ephraim; na ano pa't ang Israel ay
totoong pinapaghinagpis. 10 At dumaing ang mga anak ni
Israel sa Panginoon, na sinasabi, Kami ay nagkasala laban
sa iyo, sapagka't aming pinabayaan ang aming Dios, at
kami ay naglingkod sa mga Baal. 11 At sinabi ng Panginoon
sa mga anak ni Israel, Di ba pinapaging laya ko kayo sa
mga taga Egipto, at sa mga Amorrheo, sa mga anak ni
Ammon, at sa mga Filisteo? 12 Ang mga Sidonio man, at
ang mga Amalecita, at ang mga Maonita ay pumighati rin sa
iyo; at kayo'y dumaing sa akin, at pinapaging laya ko kayo
sa kanilang mga kamay. 13 Gayon ma'y pinabayaan ninyo
ako, at kayo'y naglingkod sa ibang mga dios: kaya't hindi
ko na kayo palalayain. 14 Kayo'y yumaon at dumaing sa
mga dios na inyong pinili; palayain kayo nila sa panahon ng
inyong kapighatian. 15 At sinabi ng mga anak ni Israel sa
Panginoon, Kami ay nagkasala: gawin mo sa amin anomang
iyong mabutihin; isinasamo namin sa iyo, na iligtas mo
lamang kami sa araw na ito. 16 At kanilang inihiwalay ang
mga dios ng iba sa kanila, at naglingkod sa Panginoon: at
ang kaniyang kaluluwa ay nagdalamhati dahil sa karalitaan
ng Israel. 17 Nang magkagayon ang mga anak ni Ammon ay
nagpipisan, at humantong sa Galaad. At ang mga anak ni
Israel ay nagpipisan, at humantong sa Mizpa. 18 At ang
bayan, at ang mga prinsipe sa Galaad, ay nagsangusapan,
Sinong tao ang magpapasimulang lumaban sa mga anak ni
Ammon? siya'y magiging pangulo ng lahat na taga Galaad.

11 Si Jephte nga na Galaadita ay lalaking
makapangyarihang may tapang, at siya'y anak ng
isang patutot: at si Jephte ay naging anak ni Galaad. 2
At ang asawa ni Galaad ay nagkaanak sa kaniya ng mga
lalake; at nang magsilaki ang mga anak ng kaniyang asawa
ay kanilang pinalayas si Jephte, at sinabi nila sa kaniya,
Ikaw ay hindi magmamana sa sangbahayan ng aming
ama; sapagka't ikaw ay anak ng ibang babae. 3 Nang
magkagayo'y tumakas si Jephte sa harap ng kaniyang mga
kapatid, at tumahan sa lupain ng Tob: at doo'y nakipisan kay
Jephte ang mga lalaking walang kabuluhan, at nagsilabas
na kasama niya. 4 At nangyari pagkaraan ng ilang panahon,
na ang mga anak ni Ammon ay nakipagdigma sa Israel. 5 At
nangyari, nang lumaban ang mga anak ni Ammon sa Israel,
na ang mga matanda sa Galaad ay naparoon upang sunduin
si Jephte mula sa lupain ng Tob: 6 At kanilang sinabi kay
Jephte, Halika't ikaw ay maging aming pinuno, upang kami
ay makalaban sa mga anak ni Ammon. 7 At sinabi ni Jephte
sa mga matanda sa Galaad, Di ba kayo'y napoot sa akin at
pinalayas ninyo ako sa bahay ng aking ama? at bakit kayo'y
naparito sa akin ngayon, pagka kayo'y nasa paghihinagpis?
8 At sinabi ng mga matanda sa Galaad kay Jephte, Kaya't
kami ay bumabalik sa iyo ngayon, upang ikaw ay makasama
namin, at makipaglaban sa mga anak ni Ammon, at ikaw ay
magiging pangulo naming lahat na taga Galaad. 9 At sinabi
ni Jephte sa mga matanda sa Galaad, Kung pauuwiin ninyo
ako upang makipaglaban sa mga anak ni Ammon, at ibigay
ng Panginoon sila sa harap ko, magiging pangulo ba ninyo
ako? 10 At sinabi ng mga matanda sa Galaad kay Jephte,
Ang Panginoon ang maging saksi natin: tunay na ayon sa
iyong salita ay siya naming gagawin. 11 Nang magkagayo'y
si Jephte ay yumaong kasama ng mga matanda sa Galaad,
at ginawa nila siyang pangulo at pinuno: at sinalita ni
Jephte sa Mizpa ang lahat ng kaniyang salita sa harap ng
Panginoon. 12 At nagsugo si Jephte ng mga sugo sa hari ng
mga anak ni Ammon, na nagsasabi, Anong ipinakikialam mo
sa akin, na ikaw ay naparito sa akin upang lumaban sa

aking lupain? 13 At isinagot ng hari ng mga anak ni Ammon
sa mga sugo ni Jephte, Sapagka't sinakop ng Israel ang
aking lupain, nang siya'y umahong galing sa Egipto, mula sa
Arnon hanggang sa Jaboc, at hanggang sa Jordan: kaya't
ngayo'y ibalik mo ng payapa ang mga lupaing yaon. 14 At
nagsugo uli si Jephte ng mga sugo sa hari ng mga anak ni
Ammon: 15 At kaniyang sinabi sa kaniya, Ganito ang sabi ni
Jephte, Hindi sumakop ang Israel ng lupain ng Moab, o ng
lupain ng mga anak ni Ammon; 16 Kundi nang sila'y umahon
mula sa Egipto, at ang Israel ay naglakad sa ilang hanggang
sa Dagat na Mapula, at napasa Cades: 17 Nagsugo nga
ang Israel ng mga sugo sa hari sa Edom, na nagsasabi,
Isinasamo ko sa iyong paraanin mo ako sa iyong lupain:
nguni't hindi dininig ng hari sa Edom. At gayon din nagsugo
siya sa hari sa Moab; nguni't ayaw siya: at ang Israel ay
tumahan sa Cades: 18 Nang magkagayo'y naglakad sila sa
ilang, at lumiko sa lupain ng Edom, at sa lupain ng Moab, at
napasa dakong silanganan ng lupain ng Moab, at sila'y
humantong sa kabilang dako ng Arnon; nguni't hindi sila
pumasok sa hangganan ng Moab, sapagka't ang Arnon ay
siyang hangganan ng Moab. 19 At nagsugo ang Israel ng
mga sugo kay Sehon na hari ng mga Amorrheo, na hari sa
Hesbon; at sinabi ng Israel sa kaniya, Isinasamo namin
sa iyo na paraanin mo kami sa iyong lupain hanggang sa
aking dako. 20 Nguni't si Sehon ay hindi tumiwala sa Israel
upang paraanin sa kaniyang hangganan: kundi pinisan ni
Sehon ang kaniyang buong bayan, at humantong sa Jaas,
at lumaban sa Israel. 21 At ibinigay ng Panginoon, ng Dios
ng Israel si Sehon, at ang kaniyang buong bayan sa kamay
ng Israel, at sinaktan nila sila: sa gayo'y inari ng Israel
ang buong lupain ng mga Amorrheo, na mga tagaroon sa
lupaing yaon. 22 At kanilang inari ang buong hangganan
ng mga Amorrheo, mula sa Arnon hanggang sa Jaboc,
at mula sa ilang hanggang sa Jordan. 23 Ngayon nga'y
inalisan ng ari ng Panginoon, ng Dios ng Israel ang mga
Amorrheo sa harap ng bayang Israel, at iyo bang aariin
ang mga iyan? 24 Hindi mo ba aariin ang ibinigay sa iyo ni
Chemos na iyong dios upang ariin? Sinoman ngang inalisan
ng ari ng Panginoon naming Dios sa harap namin, ay aming
aariin. 25 At ngayo'y gagaling ka pa ba sa anomang paraan
kay Balac na anak ni Zippor, na hari sa Moab? siya ba'y
nakipagkaalit kailan man sa Israel o lumaban kaya sa
kanila? 26 Samantalang ang Israel ay tumatahan sa Hesbon
at sa mga bayan nito, at sa Aroer at sa mga bayan nito, at
sa lahat ng mga bayang nangasa tabi ng Arnon, na tatlong
daang taon; bakit hindi ninyo binawi nang panahong yaon?
27 Ako nga'y hindi nagkasala laban sa iyo, kundi ikaw ang
gumawa ng masama sa pakikipagdigma mo sa akin: ang
Panginoon, ang Hukom, ay maging hukom sa araw na ito sa
mga anak ni Israel at sa mga anak ni Ammon. 28 Nguni't
hindi dininig ng hari ng mga anak ni Ammon ang mga salita
ni Jephte na ipinaalam sa kaniya. 29 Nang magkagayo'y
ang Espiritu ng Panginoon ay suma kay Jephte, at siya'y
nagdaan ng Galaad at Manases, at nagdaan sa Mizpa ng
Galaad, at mula sa Mizpa ng Galaad ay nagdaan siya sa
mga anak ni Ammon. 30 At nagpanata si Jephte ng isang
panata sa Panginoon, at nagsabi, Kung tunay na iyong
ibibigay ang mga anak ni Ammon sa aking kamay, 31 Ay
mangyayari nga, na sinomang lumabas na sumalubong
sa akin sa mga pintuan ng aking bahay, pagbalik kong
payapa na galing sa mga anak ni Ammon, ay magiging
sa Panginoon, at aking ihahandog na pinakahandog na
susunugin. 32 Sa gayo'y nagdaan si Jephte sa mga anak
ni Ammon upang lumaban sa kanila; at sila'y ibinigay ng
Panginoon sa kaniyang kamay. 33 At sila'y sinaktan niya
ng di kawasang pagpatay mula sa Aroer hanggang sa
Minnith, na may dalawang pung bayan, at hanggang sa
Abelkeramim. Sa gayo'y sumuko ang mga anak ni Ammon
sa mga anak ni Israel. 34 At si Jephte ay naparoon sa Mizpa
sa kaniyang bahay; at, narito, ang kaniyang anak na babae
ay lumalabas na sinasalubong siya ng pandereta at ng
sayaw: at siya ang kaniyang bugtong na anak: liban sa
kaniya'y wala na siyang anak na lalake o babae man. 35 At
nangyari, pagkakita niya sa kaniya, na kaniyang hinapak
ang kaniyang damit, at sinabi, Sa aba ko, aking anak!
pinapakumbaba mo akong lubos, at ikaw ay isa sa mga
bumabagabag sa akin: sapagka't aking ibinuka ang aking
bibig sa Panginoon, at hindi na ako makapanumbalik. 36 At
sinabi niya sa kaniya, Ama ko, iyong ibinuka ang iyong bibig
sa Panginoon; gawin mo sa akin ang ayon sa ipinangusap
ng iyong bibig; yamang ipinanghiganti ka ng Panginoon sa
iyong mga kaaway, sa makatuwid baga'y sa mga anak ni
Ammon. 37 At sinabi niya sa kaniyang ama, Ipagawa mo
ang bagay na ito sa akin: pahintulutan mo lamang akong
dalawang buwan, upang ako'y humayo't yumaon sa mga
bundukin at aking itangis ang aking pagkadalaga, ako at ang
aking mga kasama. 38 At kaniyang sinabi, Yumaon ka.
At pinapagpaalam niya siyang dalawang buwan: at siya'y
yumaon, siya at ang kaniyang mga kasama, at itinangis ang
kaniyang pagkadalaga sa mga bundukin. 39 At nangyari,
sa katapusan ng dalawang buwan, na siya'y nagbalik sa
kaniyang ama, na ginawa sa kaniya ang ayon sa kaniyang
panata na kaniyang ipinanata: at siya'y hindi nasipingan ng
lalake. At naging kaugalian sa Israel, 40 Na ipinagdidiwang
taon taon ng mga anak na babae ng Israel ang anak ni
Jephte na Galaadita, na apat na araw sa isang taon.

**12** At ang mga lalake ng Ephraim ay nagpipisan at
nagdaan sa dakong hilagaan: at sinabi nila kay Jephte,

Bakit ka nagpatuloy na lumaban sa mga anak ni Ammon,
at hindi mo kami tinawag upang yumaong kasama mo?
susunugin ka namin pati ng iyong bahay. 2 At sinabi ni Jephte
sa kanila, Ako at ang aking bayan ay totoong nakipaglaban
sa mga anak ni Ammon; at nang tawagan ko kayo ay
hindi ninyo ako iniligtas sa kanilang kamay. 3 At nang
makita ko na ako'y hindi ninyo iniligtas ay aking inilagak
ang aking buhay sa aking kamay, at ako'y nagdaan laban
sa mga anak ni Ammon, at sila'y ibinigay ng Panginoon
sa aking kamay: bakit nga inahon ninyo ako sa araw na
ito, upang makipaglaban sa akin? 4 Nang magkagayo'y
pinisan ni Jephte ang mga lalake sa Galaad, at nakipaglaban
sa Ephraim; at sinaktan ng mga lalake ng Galaad ang
Ephraim, sapagka't kanilang sinabi, Kayo'y mga tanan sa
Ephraim, kayong mga Galaadita, sa gitna ng Ephraim, at
sa gitna ng Manases. 5 At sinakop ng mga Galaadita ang
mga tawiran sa Jordan sa dako ng mga Ephraimita. At
nangyari, na pagkasinabi ng mga tanan sa Ephraim na,
Paraanin mo ako, ay sinasabi ng mga lalake ng Galaad sa
kaniya, Ikaw ba'y Ephraimita? Kung kaniyang sabihin, Hindi;
6 Ay sinabi nga nila sa kaniya, Sabihin mong Shiboleth;
at sinasabi niya, Shiboleth; sapagka't hindi matumpakang
sabihing matuwid; kung magkagayo'y kanilang hinuhuli,
at pinapatay sa mga tawiran ng Jordan: at nahulog nang
panahong yaon sa Ephraim ay apat na pu't dalawang libo. 7
At naghukom si Jephte sa Israel na anim na taon. Nang
magkagayo'y namatay si Jephte na Galaadita, at inilibing sa
isang bayan ng Galaad. 8 At pagkamatay niya, si Ibzan
na taga Bethlehem ang naghukom sa Israel. 9 At siya'y
nagkaanak ng tatlong pung lalake, at ang tatlong pung anak
na babae ay kaniyang ipinadala sa ibang bayan, at tatlong
pung anak na babae ay kaniyang ipinasok mula sa ibang
bayan para sa kaniyang mga anak na lalake. At naghukom
siya sa Israel na pitong taon. 10 At si Ibzan ay namatay, at
inilibing sa Bethlehem. 11 At pagkamatay niya, si Elon na
Zabulonita ang naghukom sa Israel; at naghukom siya sa
Israel na sangpung taon. 12 At si Elon na Zabulonita ay
namatay, at inilibing sa Ajalon sa lupain ng Zabulon. 13 At
pagkamatay niya, si Abdon na anak ni Hillel na Piratonita
ang naghukom sa Israel. 14 At siya'y nagkaroon ng apat na
pung anak at tatlong pung apo na sumasakay sa pitong
pung asno: at siya'y naghukom sa Israel na walong taon. 15
At si Abdon na anak ni Hillel na Piratonita ay namatay, at
inilibing sa Piraton sa lupain ng Ephraim, sa lupaing maburol
ng mga Amalecita.

**13** At ang mga anak ni Israel ay gumawa uli ng kasamaan
sa paningin ng Panginoon; at ibinigay ng Panginoon
sila na apat na pung taon sa kamay ng mga Filisteo. 2 At
may isang lalake sa Sora sa angkan ng mga Danita, na
ang pangala'y Manoa; at ang kaniyang asawa ay baog, at
hindi nagkaanak. 3 At napakita ang anghel ng Panginoon
sa babae, at nagsabi sa kaniya, Narito ngayon, ikaw ay
baog at hindi ka nagkakaanak: nguni't ikaw ay maglilihi at
manganganak ng isang lalake. 4 Ngayon nga'y magingat ka,
isinasamo ko sa iyo, at huwag kang uminom ng alak o ng
inuming nakalalasing, at huwag kang kumain ng anomang
maruming bagay: 5 Sapagka't, narito, ikaw ay maglilihi at
manganganak ng isang lalake; at walang pangahit na daraan
sa kaniyang ulo: sapagka't ang bata ay magiging Nazareo
sa Dios, mula sa tiyan: at kaniyang pasisimulang iligtas
ang Israel sa kamay ng mga Filisteo. 6 Nang magkagayo'y
ang babae'y yumaon at isinaysay sa kaniyang asawa, na
sinasabi, Isang lalake ng Dios ay naparito sa akin, at ang
kaniyang anyo ay gaya ng anyo ng anghel ng Dios, na
kakilakilabot: at hindi ko natanong siya kung siya'y taga saan,
ni kaya'y sinaysay niya sa akin ang kaniyang pangalan:
7 Nguni't sinabi niya sa akin, Narito, ikaw ay maglilihi, at
manganganak ng isang lalake; at ngayo'y huwag kang
uminom ng alak o ng inuming nakalalasing man, at huwag
kang kumain ng anomang maruming bagay: sapagka't ang
bata'y magiging Nazareo sa Dios mula sa tiyan hanggang
sa araw ng kaniyang kamatayan. 8 Nang magkagayo'y
nanalangin si Manoa sa Panginoon, at sinabi niya, Isinasamo
ko sa iyo, Oh Panginoon, na pabalikin mo uli ang lalake ng
Dios na iyong sinugo sa amin, at ituro sa amin kung ano ang
aming gagawin sa bata na ipanganganak. 9 At dininig ng
Dios ang tinig ni Manoa; at nagbalik ang anghel ng Dios sa
babae habang siya'y nakaupo sa bukid: nguni't si Manoa
na kaniyang asawa ay hindi niya kasama. 10 At nagmadali
ang babae, at tumakbo, at isinaysay sa kaniyang asawa, at
sinabi sa kaniya, Narito, ang lalake ay napakita sa akin,
yaong naparito sa akin ng ibang araw. 11 At bumangon si
Manoa, at sumunod sa kaniyang asawa, at naparoon sa
lalake, at sinabi sa kaniya, Ikaw ba ang lalake na nagsalita
sa babaing ito? At kaniyang sinabi, Ako nga. 12 At sinabi ni
Manoa, Mano nawa'y mangyari ang iyong mga salita: ano
ang ipagpapagawa sa bata, at paanong aming gagawin sa
kaniya? 13 At sinabi ng anghel ng Panginoon kay Manoa, Sa
lahat ng aking sinabi sa babae ay magingat siya. 14 Siya'y
hindi makakakain ng anomang bagay na nanggagaling sa
ubasan, ni uminom man lamang ng alak ni ng inuming
nakalalasing, ni kumain man ng anomang maruming bagay;
lahat ng iniutos ko sa kaniya ay sundin niya. 15 At sinabi ni
Manoa sa anghel ng Panginoon, Isinasamo ko sa iyo na
ikaw ay aming mapigil, upang maipagluto ka namin ng isang
anak ng kambing. 16 At sinabi ng anghel ng Panginoon kay
Manoa, Bagaman ako'y iyong pigilin, hindi ako kakain ng
iyong pagkain: at kung ikaw ay maghahanda ng handog

na susunugin, ay iyong nararapat ihandog sa Panginoon.
Sapagka't hindi naalaman ni Manoa na siya'y anghel ng
Panginoon. 17 At sinabi ni Manoa sa anghel ng Panginoon,
Ano ang iyong pangalan, upang pangyayari ng iyong mga
salita ay mabigyan ka namin ng karangalan? 18 At sinabi
ng anghel ng Panginoon sa kaniya, Bakit mo itinatanong
ang aking pangalan, dangang kagilagilalas? 19 Sa gayo'y
kumuha si Manoa ng isang anak ng kambing pati ng handog
na harina, at inihandog sa Panginoon sa ibabaw ng bato: at
gumawa ng kamanghamangha ang anghel, at minasdan
ni Manoa at ng kaniyang asawa. 20 Sapagka't nangyari,
nang umilanglang sa langit ang alab mula sa dambana,
na ang anghel ng Panginoon ay napailanglang sa alab ng
dambana: at minasdan ni Manoa at ng kaniyang asawa; at
sila'y nangapasubasob sa lupa. 21 Nguni't hindi na napakita
ang anghel ng Panginoon kay Manoa o sa kaniyang asawa.
Nang magkagayo'y naalaman ni Manoa na siya'y anghel
ng Panginoon. 22 At sinabi ni Manoa sa kaniyang asawa,
Walang pagsalang tayo'y mamamatay, sapagka't ating nakita
ang Dios. 23 Nguni't sinabi ng asawa niya sa kaniya, Kung
nalulugod ang Panginoon na patayin tayo, hindi sana niya
tinanggap ang handog na sinunog at ang handog na harina
sa ating kamay, ni ipinakita man sa atin ang lahat ng mga
bagay na ito ni nasaysay man sa panahong ito, ang mga
bagay na gaya nito. 24 At nanganak ang babae ng isang
lalake, at tinawag ang kaniyang pangalan na Samson. At ang
bata'y lumaki, at pinagpala ng Panginoon. 25 At pinasimulang
kinilos siya ng Espiritu ng Panginoon sa Mahanedan, sa
pagitan ng Sora at Esthaol.

**14** At lumusong si Samson sa Timnah, at nakita ang isang
babae sa Timnah sa mga anak ng mga Filisteo. 2 At
siya'y umahon, at isinaysay sa kaniyang ama at sa kaniyang
ina, at sinabi, Aking nakita ang isang babae sa Timnah, sa
mga anak ng mga Filisteo: ngayon nga'y papagasawahin
ninyo ako sa kaniya. 3 Nang magkagayo'y sinabi ng kaniyang
ama at ng kaniyang ina sa kaniya, Wala na bang babae
sa mga anak ng iyong kapatid, o sa aking buong bayan,
na ikaw ay yayaong magaasawa sa mga di tuling Filisteo?
At sinabi ni Samson sa kaniyang ama, Papag-asawahin
mo ako sa kaniya; sapagka't siya'y lubhang nakalulugod
sa akin. 4 Nguni't hindi naalaman ng kaniyang ama at
ng kaniyang ina, na kalooban ng Panginoon; sapagka't
siya'y humahanap ng pagkakataon laban sa mga Filisteo.
Nang panahong yaon nga'y nagpupuno ang mga Filisteo
sa Israel. 5 Nang magkagayo'y lumusong si Samson, at
ang kaniyang ama, at ang kaniyang ina, sa Timnah, at
naparoon sa ubasan ng Timnah: at, narito, isang batang
leon ay umuungal laban sa kaniya, 6 At ang Espiritu ng
Panginoon ay makapangyarihang sumakaniya, at nilamuray
niya siya na parang naglamuray ng isang batang kambing,
at siya'y walang anoman sa kaniyang kamay; nguni't hindi
niya sinaysay sa kaniyang ama o sa kaniyang ina kung ano
ang kaniyang ginawa. 7 At siya'y lumusong at nakipagusap
sa babae, at siya'y lubhang nakalulugod kay Samson. 8
At pagkaraan ng sandali ay bumalik siya upang kunin
niya siya, at siya'y lumiko upang tingnan ang patay na
leon: at, narito, may isang kawan ng pukyutan sa loob ng
bangkay ng leon, at pulot-pukyutan. 9 At kaniyang dinala sa
kaniyang kamay at yumaon, na kinakain niya samantalang
siya'y yumayaon, at siya'y naparoon sa kaniyang ama at
ina, at ibinigay sa kanila, at kanilang kinain; nguni't hindi
niya sinaysay sa kanila na kaniyang kinuha ang pulot sa
bangkay ng leon. 10 At nilusong ng kaniyang ama ang
babae: at gumawa si Samson ng isang kasayahan doon;
sapagka't kinaugaliang ginagawang gayon ng mga binata.
11 At nangyari, pagkakita nila sa kaniya, na sila'y nagdala
ng tatlong pung kasama, upang maging kasama niya. 12
At sinabi ni Samson sa kanila, Pagbubugtungan ko kayo:
kung maisaysay ninyo sa akin sa loob ng pitong araw na
kasayahan, at inyong maturingan, ay bibigyan ko nga kayo
ng tatlong pung kasuutang lino at tatlong pung bihisan: 13
Nguni't kung hindi ninyo maisaysay sa akin, ay bibigyan
nga ninyo ako ng tatlong pung kasuutang lino at ng tatlong
pung bihisan. At kanilang sinabi sa kaniya, Ipagbadya mo
ang iyong bugtong, upang aming marinig. 14 At sinabi niya
sa kanila, Sa mangangain ay lumabas ang pagkain, At sa
malakas ay lumabas ang katamisan. At hindi nila maisaysay
sa tatlong araw. 15 At nangyari, nang ikapitong araw, na
kanilang sinabi sa asawa ni Samson, Dayain mo ang iyong
asawa, upang maisaysay niya sa amin ang bugtong, baka
ikaw ay sunugin namin at ang sangbahayan ng iyong ama:
inanyayahan ba ninyo kami upang papaghirapin? di ba
gayon? 16 At umiyak ang asawa ni Samson sa harap niya,
at nagsabi, Kinapopootan mo lamang ako, at hindi mo
ako iniibig: ikaw ay nagbugtong ng isang bugtong sa mga
anak ng aking bayan, at hindi mo isinaysay sa akin. At
sinabi niya sa kaniya, Narito, hindi ko isinaysay sa aking
ama, o sa aking ina man, at akin bang sasaysayin sa iyo?
17 At umiyak siya sa harap niya na pitong araw, habang
hindi natapos ang kanilang kasayahan: at nangyari nang
ikapitong araw, na isinaysay niya sa kaniya, sapagka't pinilit
niya siya: at isinaysay niya ang bugtong sa mga anak ng
kaniyang bayan. 18 At sinabi ng mga lalake sa bayan kay
Samson nang ikapitong araw bago lumubog ang araw. Alin
kaya ang lalong matamis kay sa pulot? at ano pa kaya
ang lalong malakas kay sa leon? At sinabi niya sa kanila.
Kung hindi kayo nag-araro ng aking dumalaga, Hindi sana
ninyo naturingan ang aking bugtong. 19 At ang Espiritu ng

Panginoon ay makapangyarihang sumakaniya, at siya'y
lumusong sa Ascalon, at pumatay ng tatlong pung lalake sa
kanila, at kinuha ang samsam sa kanila, at ibinigay ang mga
bihisan sa mga nakaturing ng bugtong at ang kaniyang galit
ay nagalab, at siya'y umahon sa bahay ng kaniyang ama.
20 Nguni't ang asawa ni Samson ay ibinigay sa kaniyang
kasama, na siya niyang inaaring parang kaniyang kaibigan.

15 Nguni't nangyari pagkatapos ng sangdaling panahon,
sa panahon ng pagaani ng trigo, na dumalaw si
Samson na may dalang isang anak ng kambing sa kaniyang
asawa; at kaniyang sinabi, Aking papasukin ang aking
asawa sa loob ng silid. Nguni't ayaw papasukin siya ng
kaniyang biyanang lalake. 2 At sinabi ng kaniyang biyanang
lalake, Aking tunay na inisip na iyong lubos na kinapootan
siya; kaya't aking ibinigay siya sa iyong kasama: di ba
ang kaniyang kapatid na bata ay maganda kay sa kaniya?
Isinasamo ko sa iyo na kunin mong kahalili niya. 3 At sinabi
ni Samson sa kanila, Ngayon ay wala akong ipagkakasala
sa mga Filisteo, kung gawan ko man sila ng kasamaan. 4
At yumaon si Samson at humuli ng tatlong daang zorra at
kumuha ng mga sigsig at pinag-kabitkabit ang mga buntot,
at nilagyan ng isang sigsig sa gitna ng pagitan ng bawa't
dalawang buntot. 5 At nang kaniyang masulsulan ang mga
sigsig, ay kaniyang binitiwan sa nakatayong trigo ng mga
Filisteo at sinunog kapuwa ang mga mangdala at ang
nakatayong trigo, at gayon din ang mga olibohan. 6 Nang
magkagayo'y sinabi ng mga Filisteo, Sinong gumawa nito?
At kanilang sinabi, Si Samson na manugang ni Timnateo,
sapagka't kaniyang kinuha ang asawa niya at ibinigay sa
kaniyang kasama. At sumampa ang mga Filisteo, at sinunog
ang babae at ang kaniyang ama. 7 At sinabi ni Samson sa
kanila, Kung ginawa ninyo ang ganito ay walang pagsalang
aking igaganti sa inyo; at pagkatapos ay magtitigil ako. 8
At sinaktan niya sila, sa hita at sasapnan ng di kawasang
pagpatay: at siya'y bumaba at tumahan sa isang guwang ng
bato ng Etam. 9 Nang magkagayo'y nagsisampa ang mga
Filisteo, at humantong sa Juda, at nagsikalat sa Lehi. 10 At
sinabi ng mga lalake sa Juda, Bakit kayo nagsisampa laban
sa amin? At kanilang sinabi, Upang gapusin si Samson kung
kaya't kami ay nagsisampa upang gawin sa kaniya ang gaya
ng ginawa niya sa amin. 11 Nang magkagayo'y ang tatlong
libong lalake sa Juda ay nagsilusong sa guwang ng bato ng
Etam, at sinabi kay Samson, Hindi mo ba nalalaman na ang
mga Filisteo ay nagpupuno sa atin? ano nga itong ginawa
mo sa amin? At sinabi niya sa kanila, Kung paano ang
ginawa nila sa akin ay gayon ang ginawa ko sa kanila. 12 At
sinabi nila sa kaniya, Kami ay nagsilusong upang gapusin
ka, upang maibigay ka namin sa kamay ng mga Filisteo. At
sinabi ni Samson sa kanila, Sumumpa kayo sa akin, na hindi
kayo ang dadaluhong sa akin. 13 At sinalita nila sa kaniya,
Hindi kundi gagapusin ka lamang namin, at ibibigay sa
kanilang kamay: nguni't tunay na hindi ka namin papatayin.
At kanilang ginapos siya ng dalawang bagong lubid, at
iniahon mula sa bato. 14 Nang siya'y dumating sa Lehi, ang
mga Filisteo ay naghihiyawan samantalang sinasalubong
nila siya: at ang Espiritu ng Panginoon ay makapangyarihang
sumakaniya, at ang mga lubid na nasa kaniyang mga bisig
ay naging parang lino na nasupok sa apoy, at ang kaniyang
mga tali ay nalaglag sa kaniyang mga kamay. 15 At siya'y
nakasumpong ng isang bagong panga ng asno, at iniunat
ang kaniyang kamay, at kinuha, at ipinanakit sa isang libong
lalake. 16 At sinabi ni Samson, Sa pamamagitan ng panga
ng isang asno, ay nagkabuntonbunton, Sa pamamagitan
ng panga ng isang asno ay nanakit ako ng isang libong
lalake. 17 At nangyari, pagkatapos niyang makapagsalita, na
kaniyang inihagis ang panga na nasa kaniyang kamay, at ang
dakong yao'y tinawag na Ramath-lehi. 18 At siya'y nauhaw
na mainam at tumawag sa Panginoon, at sinabi, Iyong
ibinigay itong dakilang kaligtasan sa kamay ng iyong lingkod:
at ngayo'y mamamatay ako dahil sa uhaw at mahuhulog sa
kamay ng mga hindi tuli. 19 Nguni't binuksan ng Dios ang
isang guwang na nasa Lehi, at nilabasan ng tubig yaon; at
nang siya'y makainom, ang kaniyang diwa ay nanumbalik,
at siya'y nabuhay: kaya't ang pangalan niyaon ay tinawag
na En-haccore, na nasa Lehi hanggang sa araw na ito. 20
At siya'y naghukom sa Israel sa mga kaarawan ng mga
Filisteo, ng dalawang pung taon.

16 At naparoon si Samson sa Gaza, at nakakita roon
ng isang patutot at sinipingan. 2 At ibinalita sa mga
taga Gaza na sinasabi, Si Samson ay naparito. At kanilang
kinulong siya, at binakayan siya buong gabi sa pintuang-
bayan, at tahimik buong gabi, na sinasabi, Maghintay tayo
hanggang magbukang liwayway, saka natin patayin siya. 3
At si Samson ay humiga hanggang hating gabi, at bumangon
sa hating gabi at humawak sa mga pinto ng pintuang-bayan,
at sa dalawang haligi, at kapuwa binunot, pati ng sikang, at
pinasan sa kaniyang mga balikat, at isinampa sa taluktok ng
bundok na nasa tapat ng Hebron. 4 At nangyari pagkatapos,
na siya'y suminta sa isang babae sa libis ng Sorec, na
ang pangala'y Dalila. 5 At inahon ng mga pangulo ng mga
Filisteo ang babae, at sinabi sa kaniya: Dayain mo siya,
at tingnan mo kung saan naroon ang kaniyang dakilang
kalakasan, at sa anong paraan mananaig kami laban sa
kaniya upang aming matalian at mapighati siya: at bibigyan
ka ng bawa't isa sa amin ng isang libo't isang daang putol
na pilak. 6 At sinabi ni Dalila kay Samson, Saysayin mo
sa akin, isinasamo ko sa iyo, kung saan naroon ang iyong
dakilang kalakasan, at kung paanong matatalian ka upang

pighatiin ka. 7 At sinabi ni Samson sa kaniya, Kung tatalian
nila ako ng pitong sariwang yantok na kailan man ay hindi
natuyo, ay hihina ako, at ako'y magiging gaya ng alinmang
tao. 8 Nang magkagayo'y nagdala ang mga pangulo ng
mga Filisteo sa kaniya ng pitong sariwang yantok na hindi
pa natutuyo, at ipinagtali niya sa kaniya. 9 Ngayo'y may
mga bakay na sa silid sa loob. At sinabi niya sa kaniya,
Narito na sa iyo ang mga Filisteo, Samson. At kaniyang
pinatid ang mga yantok, na tulad sa taling estopa pagka
nadidikitan ng apoy. Sa gayo'y hindi naalaman ang kaniyang
lakas. 10 At sinabi ni Dalila kay Samson, Narito, pinaglaruan
mo ako, at pinagbulaanan mo ako: isinasamo ko ngayon
sa iyo na saysayin mo sa akin kung paano matatalian ka.
11 At sinabi niya sa kaniya, Kung tatalian lamang nila ako
ng mga bagong lubid na hindi pa nagagamit, ay hihina
nga ako at magiging gaya ng alinmang tao. 12 Sa gayo'y
kumuha si Dalila ng mga bagong lubid, at itinali sa kaniya, at
sinabi sa kaniya, Narito na sa iyo ang mga Filisteo, Samson.
At ang mga bakay ay nangasa silid sa loob. At pawang
pinatid niya sa kaniyang mga bisig na parang sinulid. 13 At
sinabi ni Dalila kay Samson, Hanggang dito'y pinaglaruan
mo ako, at pinagbulaanan mo ako: saysayin mo sa akin
kung paanong matatalian ka. At sinabi niya sa kaniya,
Kung iyong hahabihin ang pitong tirintas sa aking ulo ng
hinabing kayo. 14 At kaniyang pinagtibay ng tulos, at sinabi
sa kaniya, Narito na sa iyo ang mga Filisteo, Samson. At
siya'y gumising sa kaniyang pagkakatulog, at binunot ang
tulos ng panghabi, at ang hinabi. 15 At sinabi niya sa kaniya,
Bakit nasasabi mo, na iniibig kita, sa bagay ang iyong puso
ay hindi sumasaakin? pinaglaruan mo akong makaitlo, at
hindi mo isinaysay sa akin kung saan nagpapahinga ang
iyong dakilang kalakasan. 16 At nangyari, nang kaniyang igiit
araw araw, at kaniyang ipilit sa kaniya, na ang kaniyang loob
ay naligalig sa ikamamatay. 17 At isinaysay niya sa kaniya
ang kaniyang buong taglayin sa kaniyang puso, at sinabi sa
kaniya, Walang pangahit na nagdaan sa aking ulo; sapagka't
ako'y naging Nazareo sa Dios mula sa tiyan ng aking ina:
kung ako'y ahitan, hihiwalay nga sa akin ang aking lakas,
at ako'y hihina, at magiging gaya ng alinmang tao. 18 At
nang makita ni Dalila na sinaysay sa kaniya, ang buong
taglayin niya sa kaniyang puso, ay nagsugo siya at tinawag
ang mga pangulo ng mga Filisteo, na sinasabi, Ahunin
pa ninyong minsan, sapagka't sinaysay niya sa akin ang
buong taglayin niya sa kaniyang puso. Nang magkagayo'y
inahon siya ng mga pangulo ng mga Filisteo, at nagdala
ng salapi sa kanilang kamay. 19 At pinatulog niya siya sa
kaniyang mga tuhod; at nagpatawag siya ng isang lalake, at
inahit ang pitong tirintas sa kaniyang ulo; at pinasimulan
niyang pighatiin siya, at ang kaniyang lakas ay nawala. 20 At
sinabi niya, Narito na sa iyo ang mga Filisteo, Samson. At
siya'y gumising sa kaniyang pagkakatulog, at sinabi, Ako'y
lalabas na gaya ng dati, at ako'y magpupumiglas. Nguni't
hindi niya talos na ang Panginoo'y humiwalay sa kaniya.
21 At hinuli ng mga Filisteo, at dinukit ang kaniyang mga
mata; at inilusong nila sa Gaza, at tinalian siya ng mga
pangaw na tanso; at siya'y gumiling sa bilangguan. 22 Gayon
ma'y nagpasimulang tumubo uli ang buhok ng kaniyang
ulo, pagkatapos na siya'y maahitan. 23 At nagpipisan ang
mga pangulo ng mga Filisteo upang maghandog ng isang
dakilang hain kay Dagon na kanilang dios, at mangagalak:
sapagka't kanilang sinabi, Ibinigay ng ating dios si Samson
na ating kaaway sa ating kamay. 24 At nang makita siya
ng bayan, ay kanilang pinuri ang kanilang dios: sapagka't
kanilang sinabi, Ibinigay ng ating dios sa ating kamay ang
ating kaaway, at ang mangwawasak sa ating lupain, na
pumatay sa marami sa atin. 25 At nangyari, nang masayahan
ang kanilang puso, na kanilang sinabi, Tawagin si Samson,
upang siya'y ating mapaglaruan. At tinawag nga si Samson
mula sa bilangguan; at siya'y pinaglaruan nila. At kanilang
inilagay sa pagitan ng mga haligi: 26 At sinabi ni Samson
sa bata na umaakay sa kaniya sa kamay, Ipahipo mo sa
akin ang mga haliging pumipigil ng bahay, upang aking
mangahiligan. 27 Ang bahay nga ay puno ng mga lalake
at babae, at ang lahat ng mga pangulo ng mga Filisteo ay
nandoon; at sa bubungan ay may tatlong libong lalake at
babae, na nanonood samantalang pinaglalaruan si Samson.
28 At tumawag si Samson sa Panginoon, at sinabi, Oh
Panginoong Dios, idinadalangin ko sa iyo na alalahanin
mo ako, at idinadalangin ko sa iyong palakasin mo ako, na
minsan na lamang, Oh Dios, upang maiganti kong paminsan
sa mga Filisteo ang aking dalawang mata. 29 At si Samson
ay pumigil sa dalawang gitnang haligi na pumipigil ng bahay,
at isinuhay sa mga yaon, ang isa sa kaniyang kanang
kamay, at ang isa'y sa kaniyang kaliwa. 30 At sinabi ni
Samson, Mamatay nawa akong kasama ng mga Filisteo, At
iniubos niya ang kaniyang buong lakas; at ang bahay ay
bumagsak sa mga pangulo, at sa buong bayan na nandoon
sa loob. Sa gayo'y ang nangamatay na kaniyang pinatay sa
kaniyang kamatayan ay higit kay sa pinatay niya sa kaniyang
kabuhayan. 31 Nang magkagayo'y lumusong ang kaniyang
mga kapatid at ang buong sangbahayan ng kaniyang ama,
at kinuha siya, at iniahon siya, at inilibing siya sa pagitan ng
Sora at Esthaol sa libingan ni Manoa na kaniyang ama. At
siya'y naghukom sa Israel na dalawang pung taon.

**17** At may isang lalake sa lupaing maburol ng Ephraim,
na ang pangala'y Michas. 2 At sinabi niya sa kaniyang
ina, Ang isang libo at isang daang putol na pilak na kinuha
sa iyo, na siyang ikinapagtungayaw mo, at sinalita mo

rin sa aking mga pakinig, narito, ang pilak ay nasa akin;
aking kinuha. At sinabi ng kaniyang ina, Pagpalain nawa ng
Panginoon ang aking anak. 3 At isinauli niya ang isang libo
at isang daang putol na pilak sa kaniyang ina, at sinabi ng
kaniyang ina, Aking tunay na itinalaga ng aking kamay ang
pilak na ito sa Panginoon, na ukol sa aking anak, upang
igawa ng isang larawang inanyuan at ng isang larawang
binubo: kaya ngayo'y isasauli ko sa iyo. 4 At nang kaniyang
isauli ang salapi sa kaniyang ina, ay kinuha ng kaniyang
ina ang dalawang daang putol na pilak na ibinigay sa
mga mangbububo, na siyang gumawa ng isang larawang
inanyuan at ng isang larawang binubo: at nasa bahay ni
Michas. 5 At ang lalaking si Michas ay nagkaroon ng isang
bahay ng mga dios, at siya'y gumawa ng isang epod at mga
terap at itinalaga ang isa ng kaniyang mga anak, na maging
kaniyang saserdote. 6 Nang mga araw na yaon ay walang
hari sa Israel: bawa't tao'y gumagawa ng minamatuwid niya
sa kaniyang sariling mga mata. 7 At may isa namang may
kabataan sa Bethlehem-juda, sa angkan ni Juda; na isang
Levita; at siya'y nakikipamayan doon. 8 At ang lalake ay
umalis sa bayan, sa Bethlehem-juda, upang makipamayan
kung saan siya makakasumpong ng matutuluyan: at siya'y
naparoon sa lupaing maburol ng Ephraim, sa bahay ni
Michas habang siya'y naglalakbay. 9 At sinabi ni Michas sa
kaniya, Saan ka nanggaling? At sinabi niya sa kaniya, Ako'y
Levita sa Bethlehem-juda, at ako'y yayaong makikipamayan
kung saan ako makasumpong ng matutuluyan. 10 At sinabi
ni Michas sa kaniya, Tumahan ka sa akin, at ikaw ay maging
sa akin ay isang ama at isang saserdote, at bibigyan kita
ng sangpung putol na pilak isang taon, at ng bihisan, at
ng iyong pagkain. Sa gayo'y ang Levita ay pumasok. 11
At ang Levita ay nakipagkasundong tumahang kasama ng
lalake: at ang binata sa kaniya'y parang isa sa kaniyang mga
anak. 12 At itinalaga ni Michas ang Levita, at ang binata ay
naging kaniyang saserdote, at nasa bahay ni Michas. 13
Nang magkagayo'y sinabi ni Michas, Ngayo'y talastas ko, na
gagawan ako ng mabuti ng Panginoon, yamang ako'y may
isang Levita na pinakasaserdote ko.

**18** Nang mga araw na yaon ay walang hari sa Israel:
at nang panahong yaon ay humahanap ang lipi ng
mga Danita, ng isang mana na matatahanan; sapagka't
hanggang sa araw na yaon, ay hindi nahuhulog sa mga lipi
ng Israel ang kanilang mana. 2 At ang mga anak ni Dan ay
nagsugo ng limang lalake ng kanilang angkan, sa kanilang
kabuoang bilang, ng mga lalaking may tapang, na mula sa
Sora, at sa Esthaol, upang tiktikan ang lupain, at kilalanin; at
sinabi nila sa kanila, Kayo'y yumaon, at inyong kilalanin ang
lupain. At sila'y naparoon sa lupaing maburol ng Ephraim,
sa bahay ni Michas, at tumuloy roon. 3 Nang sila'y malapit
sa bahay ni Michas, ay nakilala nila ang tinig ng binatang
Levita: at sila'y lumiko roon, at sinabi nila sa kaniya, Sinong
nagdala sa iyo rito? at ano ang iyong ginagawa sa dakong
ito? at anong mayroon ka rito? 4 At sinabi niya sa kanila,
Ganito't ganito ang ginawa sa akin ni Michas, at kaniyang
kinayaring upahan ako, at ako'y naging kaniyang saserdote.
5 At sinabi nila sa kaniya, Isinasamo namin sa iyo na usisain
mo sa Dios, upang aming maalaman, kung ang aming lakad
ay papalarin. 6 At sinabi ng saserdote sa kanila, Yumaon
kayong payapa: nasa harap ng Panginoon ang daang inyong
nilalakaran. 7 Nang magkagayo'y lumakad ang limang lalake
at dumating sa Lais, at nakita ang bayan na naroon, kung
paanong sila'y tumatahan sa katiwasayan, na gaya ng mga
Sidonio, na tahimik at tiwasay: sapagka't wala sa lupain na
nagaaring may kapangyarihan na makapagbibigay kahihiyan
sa alin mang bagay, at malayo sa mga Sidonio, at walang
pagkikipagkasundo sa kaninoman. 8 At sila'y naparoon
sa kanilang mga kapatid sa Sora at Esthaol: at sinabi ng
kanilang mga kapatid sa kanila, Ano kayo? 9 At kanilang
sinabi, Kayo'y bumangon at tayo'y umahon laban sa kanila:
sapagka't aming nakita ang lupain, at, narito, napakabuti:
at natatamad ba kayo? huwag kayong magmakupad na
yumaon at pumasok upang ariin ang lupain. 10 Paglakad
ninyo'y darating kayo sa isang bayang tiwasay, at ang lupain
ay malaki: sapagka't ibinigay ng Dios sa inyong kamay, isang
dakong walang kakailanganing anomang bagay na nasa
lupa. 11 At umalis mula roon ang ilan sa angkan ng mga
Danita, mula sa Sora at sa Esthaol, na anim na raang lalake
na may sandata ng mga kasakbatan na pangdigma. 12 At
sila'y yumaon, at humantong sa Chiriath-jearim, sa Juda;
kaya't kanilang tinawag ang dakong yaon na Mahane-dan
hanggang sa araw na ito: narito, ito'y nasa likod ng Chiriath-
jearim. 13 At sila'y nagdaan doon hanggang sa lupaing
maburol ng Ephraim, at naparoon sa bahay ni Michas. 14
Nang magkagayo'y sumagot ang limang lalake na tumiktik ng
lupain ng Lais, at sinabi sa kanilang mga kapatid, Nalalaman
ba ninyo na mayroon sa mga bahay na ito na isang epod, at
mga terap, at isang larawang inanyuan, at isang larawang
binubo? ngayon nga'y akalain ninyo ang marapat ninyong
gawin. 15 At sila'y lumiko roon, at naparoon sa bahay ng
binatang Levita, sa makatuwid baga'y hanggang sa bahay ni
Michas, at tinanong nila siya ng kaniyang kalagayan. 16
At ang anim na raang lalake na may sandata ng kanilang
mga kasakbatan na pangdigma, na pawang mga anak ni
Dan, ay nagsitayo sa pasukan ng pintuang-bayan. 17 At ang
limang lalake na yumaong tumiktik ng lupain ay nagsiahon
at pumasok doon, at kinuha ang larawang inanyuan, at
ang epod, at ang mga terap, at ang larawang binubo, at
ang saserdote ay nakatayo sa pasukan ng pintuang-bayan

na kasama ng anim na raang lalake na may sandata ng
kanilang mga kasakbatang pangdigma. 18 At nang pumasok
ang mga ito sa bahay ni Michas, at makuha ang larawang
inanyuan, ang epod, at ang mga terap, at ang larawang
binubo, ay sinabi ng saserdote sa kanila, Ano ang inyong
gagawin? 19 At sinabi nila sa kaniya, Pumayapa ka, itakip
mo ang iyong kamay sa iyong bibig at sumama ka sa amin,
at maging ama at saserdote ka namin: magaling ba kaya
sa iyo ang maging saserdote sa bahay ng isang lalake o
maging saserdote sa isang lipi at sa isang angkan sa Israel?
20 At natuwa ang puso ng saserdote, at kaniyang kinuha
ang epod, at ang mga terap, at ang larawang inanyuan, at
yumaon sa gitna ng bayan. 21 Sa gayo'y bumalik sila, at
yumaon, at inilagay ang mga bata at ang kawan, at ang
mga daladalahan, sa unahan nila. 22 Nang sila'y malayo na
sa bahay ni Michas, ang mga lalaking nasa mga bahay na
kalapit ng bahay ni Michas ay nagpipisan at inabot ang mga
anak ni Dan. 23 At kaniyang sinigawan ang mga anak ni
Dan. At inilingon nila ang kanilang mga mukha, at sinabi
kay Michas, Anong mayroon ka, na ikaw ay nagpisan ng
ganyang pulutong? 24 At kaniyang sinabi, Inyong kinuha
ang aking mga dios na aking ginawa, at ang saserdote,
at kayo'y yumaon, at ano pang mayroon ako? at bakit
nga sasabihin ninyo sa akin, Anong mayroon ka? 25 At
sinabi ng mga anak ni Dan sa kaniya, Huwag ng marinig
ang iyong tinig, baka daluhungin ka ng mga mapusok na
kasama, at iyong iwala ang iyong buhay, pati ng buhay
ng iyong sangbahayan. 26 At ipinagpatuloy ng mga anak
ni Dan ang kanilang lakad: at nang makita ni Michas na
sila'y totoong malakas kay sa kaniya, ay bumalik at umuwi
sa kaniyang bahay. 27 At kanilang kinuha ang ginawa
ni Michas, at ang saserdote na kaniyang tinatangkilik, at
naparoon sa Lais, sa bayang tahimik at tiwasay, at sinaktan
nila ng talim ng tabak: at sinunog nila ang bayan. 28 At
walang magligtas, sapagka't malayo sa Sidon, at sila'y
walang pakikipagkasundo sa kanino man, at nasa libis na
lumalaganap sa dakong Bethrehob. At kanilang itinayo ang
bayan, at tinahanan nila. 29 At kanilang tinawag na Dan ang
pangalan ng bayan, ayon sa pangalan ni Dan na kanilang
ama na ipinanganak sa Israel: gayon ma'y ang pangalan ng
bayan nang una ay Lais. 30 At itinayo sa kanilang sarili ng
mga anak ni Dan ang larawang inanyuan: at si Jonathan na
anak ni Gerson, na anak ni Moises, siya at ang kaniyang
mga anak ay siyang mga saserdote sa lipi ng mga Danita
hanggang sa araw ng pagkabihag sa lupain. 31 Gayon
nila itinayo ang larawang inanyuan ni Michas na kaniyang
ginawa, sa buong panahon na ang bahay ng Dios ay nasa
Silo.

**19** At nangyari nang mga araw na yaon, nang walang
hari sa Israel, na may isang Levita na nakikipamayan
sa malayong dako ng lupaing maburol ng Ephraim, na
kumuha ng babae mula sa Bethlehem-juda. 2 At ang
kaniyang babae ay nagpatutot at iniwan siya na napasa
bahay ng kaniyang ama sa Bethlehem-juda, at dumoon
sa loob ng apat na buwan. 3 At ang kaniyang asawa ay
yumaon at sumunod sa kaniya, upang makiusap na maigi sa
kaniya, na ibalik siya, na kasama ang kaniyang bataan, at
dalawang magkatuwang na asno: at ipinasok siya ng babae
sa bahay ng kaniyang ama: at nang makita siya ng ama
ng babae, ay galak na sinalubong siya. 4 At pinigil siya ng
kaniyang biyanan, ng ama ng babae; at siya'y tumahang
kasama niya na tatlong araw: sa gayo'y sila'y nagkainan at
naginuman, at tumuloy roon. 5 At nangyari nang ikaapat
na araw, na sila'y bumangong maaga ng kinaumagahan,
at siya'y bumangon upang yumaon: at sinabi ng ama ng
babae sa kaniyang manugang, Palakasin mo muna ang
iyong puso ng isang subong tinapay, at pagkatapos ay
ipagpatuloy ninyo ang inyong lakad. 6 Sa gayo'y naupo sila,
at kumain at uminom silang dalawa: at sinabi ng ama ng
babae sa lalake, Isinasamo ko sa iyo na magsaya ka, at
magpahinga sa buong gabi, at matuwa ang iyong puso. 7 At
ang lalake ay bumangon upang umalis; nguni't pinilit siya
ng kaniyang biyanan; at siya'y tumigil uli roon. 8 At siya'y
bumangong maaga sa kinaumagahan nang ikalimang araw
upang yumaon; at sinabi ng ama ng babae, Isinasamo ko sa
iyong palakasin mo muna ang iyong puso, at maghintay ka
hanggang sa kumulimlim ang araw; at sila'y kumain, silang
dalawa. 9 At nang tumindig ang lalake upang yumaon, siya,
at ang kaniyang babae, at ang kaniyang bataan, ay sinabi
ng kaniyang biyanan, na ama ng kaniyang babae, sa kaniya,
Narito, ngayo'y ang araw ay gumagabi na, isinasamo ko
sa inyong magpahinga sa buong gabi: narito, ang araw ay
nananaw; tumigil dito, upang ang iyong puso ay sumaya;
at bukas ay yumaon kayong maaga sa inyong paglakad,
upang makauwi ka. 10 Nguni't hindi na inibig ng lalake na
magpahinga roon nang gabing yaon, kundi siya'y tumindig at
yumaon at tinapat ang Jebus (na siyang Jerusalem): at may
dala siyang dalawang magkatuwang na asno na gayak; ang
kaniyang babae ay kasama rin niya. 11 Nang sila'y nasa tabi
na ng Jebus, ang araw ay nananaw; at sinabi ng bataan sa
kaniyang panginoon, Isinasamo ko sa iyo na halina, at tayo'y
lumiko sa bayang ito ng mga Jebuseo, at tumigil dito. 12 At
sinabi ng kaniyang panginoon sa kaniya, Hindi tayo liliko sa
bayan ng iba, na hindi sa mga anak ni Israel; kundi dadaan
tayo sa Gabaa. 13 At sinabi niya sa kaniyang alipin, Halina
at tayo'y lumapit sa isa sa mga dakong ito; at tayo'y titigil sa
Gabaa o sa Rama. 14 Sa gayo'y nagdaan sila at nagpatuloy

ng kanilang paglakad; at nilubugan sila ng araw sa malapit
sa Gabaa, na nauukol sa Benjamin. 15 At sila'y lumiko roon,
upang pumasok na tumigil sa Gabaa: at sila'y pumasok, at
naupo sila sa lansangan ng bayan: sapagka't walang taong
magpatuloy sa kanila. 16 At, narito, may umuwing isang
matandang lalake na galing sa kaniyang paggawa sa bukid
sa paglubog ng araw; ang lalake nga'y taga lupaing maburol
ng Ephraim, at nakikipamayan sa Gabaa; nguni't ang mga
tao sa dakong yaon ay mga Benjamita. 17 At itiningin niya
ang kaniyang mga mata, at nakita niya ang naglalakbay sa
lansangan ng bayan; at sinabi ng matandang lalake, Saan
ka paroroon? at saan ka nanggaling? 18 At sinabi niya sa
kaniya, Kami ay nagdadaang mula sa Bethlehem-juda na
patungo sa malayong dako ng lupaing maburol ng Ephraim;
tagaroon ako at ako'y naparon sa Bethlehem-juda: at ako'y
pasasabahay ng Panginoon; at walang taong magpatuloy sa
akin. 19 Gayon man ay may dayami at damo para sa aming
mga asno; at may tinapay at alak naman para sa akin, at sa
iyong lingkod na babae, at sa batang kasama ng iyong mga
lingkod: walang kakulangang anomang bagay, 20 At sinabi
ng matandang lalake, Kapayapaan nawa ang sumaiyo; sa
anomang paraa'y pabayaan mo sa akin ang lahat ng iyong
mga kailangan: at huwag ka lamang tumigil sa lansangan. 21
Sa gayo'y kaniyang ipinasok sa kaniyang bahay, at binigyan
ng pagkain ang mga asno: at sila'y naghugas ng kanilang
mga paa, at nagkainan at naginuman. 22 Nang nangatutuwa
na ang kanilang mga puso, narito, ang mga lalake sa bayan,
na ilang hamak na tao, ay kinubkob ang bahay sa palibot,
na hinahampas ang pintuan; at sila'y nagsalita sa may-ari
ng bahay, sa matanda, na sinasabi, Ilabas mo ang lalake
na pumasok sa iyong bahay upang makilala namin siya.
23 At lumabas sa kanila ang lalake, ang may-ari ng bahay,
at sinabi sa kanila, Huwag, mga kapatid ko, isinasamo ko
sa inyong huwag kayong gumawa ng ganiyang kasamaan;
yamang ang lalaking ito'y pumasok sa aking bahay, ay
huwag ninyong gawin ang kaululang ito. 24 Narito, nandito
ang aking anak na dalaga, at ang kaniyang babae; akin
silang ilalabas ngayon, at pangayupapain ninyo sila, at
gawin ninyo sa kanila ang magalingin ninyo sa kanila: nguni't
sa lalaking ito ay huwag kayong gumawa ng anomang
masama. 25 Nguni't hindi siya dininig ng mga lalake: sa
gayo'y hinawakan ng lalake ang kaniyang babae at inilabas
sa kanila: at sinipingan nila siya, at hinalay buong gabi
hanggang sa kinaumagahan; at nang magbukang liwayway,
ay pinayaon nila siya. 26 Nang magkagayo'y dumating ang
babae, pagbubukang liwayway, at nabuwal sa pintuan ng
bahay ng lalake, na kinaroroonan ng kaniyang panginoon,
hanggang sa lumiwanag. 27 At bumangon ang kaniyang
panginoon ng kinaumagahan, at ibinukas ang mga pinto ng
bahay, at lumabas na nagpatuloy ng kaniyang lakad: at,
narito, ang babae na kaniyang kinakasama ay nakabuwal sa
pintuan ng bahay, na ang kaniyang mga kamay ay nasa
tayuan. 28 At sinabi niya sa kaniya, Bumangon ka, at tayo
na; nguni't walang sumagot: nang magkagayo'y kaniyang
isinakay sa asno; at ang lalake ay bumangon, at napasa
kaniyang dako. 29 At nang siya'y pumasok sa kaniyang
bahay, ay kumuha siya ng isang sundang, at itinaga sa
kaniyang babae, at pinagputolputol siya ayon sa kaniyang
buto, ng labing dalawang putol; at ipinadala siya sa lahat ng
hangganan ng Israel. 30 At nangyari, na lahat ng nakakita
ay nagsabi, Walang ganitong gawang ginawa o nakita man
mula sa araw na umahon ang mga anak ni Israel na mula sa
lupain ng Egipto hanggang sa araw na ito: kayo'y magdilidili,
pumayo, at magsalita.

**20** Nang magkagayo'y lumabas ang lahat ng mga anak ni
Israel, at ang kapisanan ay nagpisang gaya ng isang
tao sa Panginoon sa Mizpa, mula sa Dan hanggang sa
Beer-seba, na kalakip ng lupain ng Galaad. 2 At nagsiharap
ang mga pinuno ng buong bayan, sa makatuwid baga'y ng
lahat ng mga lipi ng Israel, sa kapulungan ng bayan ng Dios,
na apat na raang libong lalake na humahawak ng tabak.
3 (Nabalitaan nga ng mga anak ni Benjamin na umahon
ang mga anak ni Israel sa Mizpa.) At sinabi ng mga anak ni
Israel, Saysayin ninyo sa amin kung bakit ang kasamaang
ito ay nangyari? 4 At ang Levita, ang asawa ng babaing
pinatay, ay sumagot at kaniyang sinabi, Ako'y naparoon sa
Gabaa na ukol sa Benjamin, ako at ang aking babae upang
tumigil. 5 At bumangon ang mga lalake sa Gabaa laban
sa akin, at kinubkob ang bahay sa palibot laban sa akin
nang kinagabihan; ako'y kanilang pinagakalaang patayin, at
kanilang dinahas ang aking babae, at siya'y namatay. 6 At
aking kinuha ang aking babae, at aking pinagputolputol, at
ipinadala ko sa buong lupain ng mana ng Israel: sapagka't
sila'y nagkasala ng kalibugan at ng kaululan sa Israel. 7
Narito, kayong mga anak ni Israel, kayong lahat, ibigay ninyo
rito ang inyong payo at pasiya. 8 At ang buong bayan ay
bumangong parang isang tao, na nagsasabi, Hindi na babalik
ang sinoman sa amin sa kaniyang tolda, ni uuwi man ang
sinoman sa amin sa kaniyang bahay. 9 Kundi ngayo'y ito ang
bagay na aming gagawin sa Gabaa; magsisiahon kami laban
sa kaniya na aming pagsasapalaran; 10 At magsisikuha kami
ng sangpung lalake sa isang daan, sa lahat ng mga lipi ng
Israel, at isang daan sa isang libo, at isang libo sa sangpung
libo, upang ipagbaon ng pagkain ang bayan, upang kanilang
gawin pagparoon nila sa Gabaa ng Benjamin ang ayon sa
buong kaululang kanilang ginawa sa Israel. 11 Sa gayo'y
nagpipisan ang lahat ng mga lalake ng Israel laban sa
bayang yaon, na nagtibay na magkakapisang parang isang

tao. **12** At nagsugo ang mga lipi ng Israel ng mga lalake sa
buong lipi ng Benjamin, na sinasabi, Anong kasamaan ito na
nangyari sa gitna ninyo? **13** Ngayon nga'y ibigay ninyo ang
mga lalake, ang mga hamak na tao, na nasa Gabaa, upang
aming patayin sila, at alisin ang kasamaan sa Israel. Nguni't
hindi dininig ng mga anak ni Benjamin ang tinig ng kanilang
mga kapatid na mga anak ni Israel. **14** At nagpisan ang
mga anak ni Benjamin sa mga bayang patungo sa Gabaa,
upang lumabas na makibaka laban sa mga anak ni Israel.
**15** At ang mga anak ni Benjamin ay binilang nang araw na
yaon sa mga bayan, na dalawang pu't anim na libong lalake
na humahawak ng tabak, bukod pa ang mga tumatahan
sa Gabaa na binilang, na pitong daang piling lalake. **16**
Sa kabuoan ng bayang ito ay may pitong daang piling
lalake na kaliwete: na bawa't isa'y nakapagpapahilagpos ng
pagpapatama ng bato sa isang buhok, at hindi sumasala.
**17** At binilang ang mga lalake sa Israel, bukod pa ang sa
Benjamin, ay apat na raang libong lalake na humahawak
ng tabak: lahat ng mga ito ay mga lalaking mangdidigma.
**18** At bumangon ang mga anak ni Israel, at nagsiahon sa
Beth-el upang sumangguni sa Dios; at kanilang sinabi, Sino
ang unang aahon sa amin upang makibaka laban sa mga
anak ni Benjamin? At sinabi ng Panginoon, Ang Juda ang
unang aahon. **19** At nagsibangon ang mga anak ni Israel
sa kinaumagahan, at humantong laban sa Gabaa. **20** At
lumabas ang mga lalake ng Israel upang makibaka laban sa
Benjamin; at humanay ang mga lalake ng Israel sa Gabaa,
sa pakikibaka laban sa kanila. **21** At lumabas ang mga anak
ni Benjamin sa Gabaa at ibinuwal sa lupa sa mga Israelita sa
araw na yaon ay dalawang pu't dalawang libong lalake. **22**
At ang bayan, ang mga lalake ng Israel, ay nagpakatapang,
at humanay uli sa pakikibaka sa dakong kanilang hinanayan
nang unang araw. **23** At nagsiahon ang mga anak ni Israel, at
nagsiiyak sa harap ng Panginoon hanggang sa kinahapunan;
at sila'y sumangguni sa Panginoon, na sinasabi, Lalapit ba
uli ako upang makibaka laban sa mga anak ni Benjamin
na aking kapatid? At sinabi ng Panginoon. Umahon ka
laban sa kanila. **24** At lumapit uli ang mga anak ni Israel
laban sa mga anak ni Benjamin nang ikalawang araw. **25**
At lumabas ang sa Benjamin sa Gabaa laban sa kanila
nang ikalawang araw, at nabuwal uli sa lupa sa mga anak ni
Israel ay labing walong libong lalake; lahat ng mga ito ay
humahawak ng tabak. **26** Nang magkagayo'y nagsiahon
ang lahat ng mga anak ni Israel, at ang buong bayan,
at nagsiparoon sa Bethel, at nagsiiyak, at nagsiupo roon
sa harap ng Panginoon, at nagsipagayuno nang araw na
yaon hanggang sa kinahapunan; at sila'y naghandog ng
mga handog na susunugin at ng mga handog tungkol sa
kapayapaan sa harap ng Panginoon. **27** At itinanong ng
mga anak ni Israel sa Panginoon (sapagka't ang kaban ng
tipan ng Dios ay nandoon nang mga araw na yaon, **28** At si
Phinees, na anak ni Eleazar, na anak ni Aaron, ay tumayo
sa harap niyaon nang mga araw na yaon, ) na sinasabi,
Lalabas ba ako uli upang makibaka laban sa mga anak
ni Benjamin na aking kapatid, o magtitigil ako? At sinabi
ng Panginoon, Umahon ka; sapagka't bukas ay ibibigay
ko siya sa iyong kamay. **29** At bumakay ang Israel laban
sa Gabaa, sa buong palibot. **30** At nagsiahon ang mga
anak ni Israel laban sa mga anak ni Benjamin nang ikatlong
araw, at humanay laban sa Gabaa, gaya ng dati. **31** At ang
mga anak ni Benjamin ay nagsilabas laban sa bayan, na
ipinalayo sa bayan; at kanilang pinasimulang sinaktan at
pinatay ang bayan gaya ng dati, sa mga lansangan, na
ang isa'y umahon sa Beth-el, at ang isa'y sa Gabaa, sa
bukid, na may tatlong pung lalake ng Israel. **32** At sinabi ng
mga anak ni Benjamin, Sila'y nangasaktan sa harap natin,
gaya ng una. Nguni't sinabi ng mga anak ni Israel, Tayo'y
tumakas, at palabasin natin sila mula sa bayan hanggang
sa mga lansangan. **33** At lahat ng mga lalake sa Israel ay
bumangon sa kanilang dako, at nagsihanay sa Baal-tamar:
at ang mga bakay ng Israel ay nagsilabas mula sa kanilang
dako, sa makatuwid baga'y mula sa Maare-Gabaa. **34** At
nagsidating laban sa Gabaa ang sangpung libong piling
lalake sa buong Israel, at ang pagbabaka ay lumala: nguni't
hindi nila naalaman na ang kasamaan ay malapit na sa
kanila. **35** At sinaktan ng Panginoon ang Benjamin sa harap
ng Israel: at pinatay ng mga anak ni Israel sa Benjamin
nang araw na yaon ay dalawang pu't limang libo at isang
daang lalake: lahat ng mga ito'y humahawak ng tabak. **36** Sa
gayo'y nakita ng mga anak ni Benjamin na sila'y nasaktan:
sapagka't binigyang kaluwagan ng mga lalake ng Israel ang
Benjamin, sapagka't sila'y umaasa sa mga bakay na kanilang
inilagay laban sa Gabaa. **37** At nangagmadali ang mga
bakay at nagsidaluhong sa Gabaa, at nangagpatuloy ang
mga bakay, at sinugatan ang buong bayan ng talim ng tabak.
**38** Nagkaroon nga ng palatandaan ang mga anak ng Israel
at ang mga bakay, na sila'y gagawa ng alapaap na usok na
pauusukin mula sa bayan. **39** At nang ang mga lalake ng
Israel ay nagsipihit mula sa pagbabaka, at pinasimulang
sinaktan at pinatay ng Benjamin ang mga lalake ng Israel na
may tatlong pung lalake: sapagka't kanilang sinabi, Walang
pagsalang sila'y nasaktan sa harap natin gaya ng unang
pagbabaka. **40** Nguni't nang ang alapaap ay magpasimulang
umilanglang mula sa bayan, sa isang haliging usok, ang
mga Benjaminita ay lumingon sa likuran, at, narito, ang
apoy ng buong bayan ay napaiilanglang sa langit. **41** At
nangagbalik ang mga lalake ng Israel, at ang mga lalake
ng Benjamin ay nangabalisa: sapagka't kanilang nakita na

ang kasamaan ay dumating sa kanila. 42 Kaya't kanilang
itinalikod ang kanilang likod sa harap ng mga lalake ng
Israel, na nangagsitungo sa ilang; nguni't hinabol silang
mainam ng pakikibaka; at yaong nangagsilabas sa mga
bayan, ay nagsilipol sa kanila sa gitna ng ilang. 43 Kanilang
kinubkob ang mga Benjamita sa palibot, at kanilang hinabol,
at kanilang inabutan sa pahingahang dako hanggang sa
tapat ng Gabaa, sa dakong sinisikatan ng araw. 44 At
nabuwal sa Benjamin, ay labing walong libong lalake; lahat
ng mga ito ay mga lalaking may tapang. 45 At sila'y nagsiliko
at nagsitakas sa dakong ilang sa malaking bato sa Rimmon.
At hinabol nila sa mga lansangan ang limang libong lalake;
at hinabol silang mainam hanggang sa Gidom, at pumatay
sa kanila ng dalawang libong lalake. 46 Na ano pa't lahat na
nabuwal nang araw na yaon sa Benjamin ay dalawang pu't
limang libong lalake na humawak ng tabak; lahat ng mga ito
ay mga lalaking may tapang. 47 Nguni't anim na raang lalake
ay nagsiliko at nagsitakas sa dakong ilang sa malaking bato
ng Rimmon, at nagsitahan sa malaking bato ng Rimmon na
apat na buwan. 48 At binalikan ng mga lalake ng Israel ang
mga anak ni Benjamin, at sinugatan nila ng talim ng tabak,
ang buong bayan, at gayon din ang kawan, at yaong lahat
na kanilang nasumpungan: bukod dito'y yaong lahat ng mga
bayan na kanilang nasumpungan ay kanilang sinilaban.

**21** Ang mga lalake nga ng Israel ay nagsisumpa sa
Mizpa, na nagsasabi, Walang sinoman sa atin na
magbibigay ng kaniyang anak na babae sa Benjamin upang
maging asawa. 2 At ang bayan ay naparoon sa Beth-el at
umupo roon hanggang sa kinahapunan sa harap ng Dios, at
inilakas ang kanilang mga tinig, at tumangis na mainam. 3
At kanilang sinabi, Oh Panginoon, na Dios ng Israel, bakit
nangyari ito sa Israel, na mababawas ngayon ang isang
lipi sa Israel? 4 At nangyari nang kinabukasan, na ang
bayan ay bumangong maaga, at nagtayo roon ng dambana,
at naghandog ng mga handog na susunugin at ng mga
handog tungkol sa kapayapaan. 5 At sinabi ng mga anak
ni Israel, Sino yaong hindi umahon sa lahat ng mga lipi
ng Israel, sa kapulungan sa Panginoon? Sapagka't sila'y
gumawa ng dakilang sumpa laban doon sa hindi umahon
sa Panginoon sa Mizpa, na sinasabi, Walang pagsalang
siya'y papatayin. 6 At nangagsisi ang mga anak ni Israel
dahil sa Benjamin na kanilang kapatid, at sinabi, May isang
angkan na nahiwalay sa Israel sa araw na ito. 7 Paano
ang ating gagawing paghanap ng mga asawa sa kanila na
nangaiwan, yamang tayo'y nagsisumpa sa Panginoon na
hindi natin ibibigay sa kanila ang ating mga anak na babae
upang maging asawa? 8 At kanilang sinabi, Sino sa mga lipi
ng Israel ang hindi umahon sa Panginoon sa Mizpa? At,
narito, walang naparoon sa kampamento sa Jabes-galaad
sa kapulungan. 9 Sapagka't nang bilangin ang bayan, narito,
wala sa nagsisitahan sa Jabes-galaad doon. 10 At nagsugo
ang kapisanan ng labing dalawang libong lalaking napaka
matapang, at iniutos sa kanila, na sinasabi, Kayo'y yumaon
sugatan ninyo ng talim ng tabak ang nagsisitahan sa Jabes-
galaad pati ang mga babae at mga bata. 11 At ito ang
bagay na inyong gagawin: inyong lubos na lilipulin ang
bawa't lalake, at bawa't babae na sinipingan ng lalake. 12 At
kanilang nasumpungan sa nagsisitahan sa Jabes-galaad
ay apat na raang dalaga, na hindi nakakilala ng lalake sa
pagsiping sa kaniya: at kanilang dinala sa kampamento
sa Silo, na nasa lupain ng Canaan. 13 At nagsugo ang
buong kapisanan at nagsalita sa mga anak ni Benjamin na
nangasa bato ng Rimmon, at inihayag ang kapayapaan sa
kanila. 14 At bumalik ang Benjamin nang panahong yaon; at
ibinigay nila sa kanila ang mga babaing kanilang iniligtas
na buhay sa mga babae sa Jabes-galaad: at gayon ma'y
hindi sapat sa kanila. 15 At ang bayan ay nagsisi dahil sa
Benjamin, sapagka't ginawan ng kasiraan ng Panginoon
ang mga lipi ng Israel. 16 Nang magkagayo'y sinabi ng
mga matanda ng kapisanan, Paanong ating gagawin na
paghanap ng asawa doon sa nangatitira, yamang ang
mga babae ay nalipol sa Benjamin? 17 At kanilang sinabi,
Nararapat magkaroon ng mana yaong nangakatakas sa
Benjamin, upang ang isang lipi ay huwag mapawi sa Israel.
18 Gayon man ay hindi natin maibibigay na asawa sa kanila
ang ating mga anak na babae: sapagka't ang mga anak ni
Israel ay nagsisumpa, na nangagsasabi, Sumpain yaong
magbigay ng asawa sa Benjamin. 19 At kanilang sinabi,
Narito, may isang kasayahan sa Panginoon sa taon-taon sa
Silo, na nasa hilagaan ng Beth-el sa dakong silanganan
ng lansangan na paahon sa Sichem mula sa Beth-el, at sa
timugan ng Lebona. 20 At kanilang iniutos sa mga anak
ni Benjamin, na sinasabi, kayo'y yumaon at bumakay sa
mga ubasan; 21 At tingnan ninyo, at, narito, kung ang
mga anak na babae sa Silo ay lumabas na sumayaw ng
mga sayaw, lumabas nga kayo sa ubasan, at kumuha ang
bawa't lalake sa inyo, ng kaniyang asawa sa mga anak
sa Silo; at yumaon kayo sa lupain ng Benjamin. 22 At
mangyayari, na pagka ang kanilang mga magulang o ang
kanilang mga kapatid ay naparito upang kami ay usapin,
ay aming sasabihin sa kanila, Ipagkaloob na ninyo sila sa
amin: sapagka't hindi namin kinuha na asawa sa bawa't isa
sa kanila sa pagkikipagbaka: o ibinigay man ninyo sila sa
kanila, sa ibang paraan kayo'y magkakasala. 23 At ginawang
gayon ng mga anak ni Benjamin, at kinuha nila silang asawa
ayon sa kanilang bilang, sa mga sumasayaw, na kanilang
dinala: at sila'y yumaon at nagbalik sa kanilang mana, at
itinayo ang mga bayan, at tinahanan nila. 24 At yumaon ang

mga anak ni Israel mula roon nang panahong yaon, bawa't
lalake ay sa kaniyang lipi at sa kaniyang angkan, at yumaon
mula roon ang bawa't lalake na umuwi sa kaniyang mana.
**25** Nang mga araw na yao'y walang hari sa Israel: ginagawa
ng bawa't isa ang matuwid sa kaniyang sariling mga mata.

# Ruth

**1** At nangyari nang mga kaarawan nang humatol ang
mga hukom, na nagkagutom sa lupain. At isang lalaking
taga Bethlehem-juda ay yumaong nakipamayan sa lupain
ng Moab, siya, at ang kaniyang asawa, at ang kaniyang
dalawang anak na lalake. **2** At ang pangalan ng lalake
ay Elimelech, at ang pangalan ng kaniyang asawa ay
Noemi, at ang pangalan ng kaniyang dalawang anak ay
Mahalon at Chelion, mga Ephrateo na taga Bethlehem-
juda. At sila'y naparoon sa lupain ng Moab, at nanirahan
doon. **3** At si Elimelech na asawa ni Noemi ay namatay: at
siya'y naiwan at ang kaniyang dalawang anak. **4** At sila'y
nagsipagasawa sa mga babae sa Moab; ang pangalan ng
isa'y Orpha, at ang pangalan ng isa'y Ruth: at sila'y tumahan
doon na may sangpung taon. **5** At namatay kapuwa si
Mahalon at si Chelion; at ang babae ay naiwan ng kaniyang
dalawang anak at ng kaniyang asawa. **6** Nang magkagayo'y
bumangon siya na kasama ng kaniyang dalawang manugang
upang siya'y bumalik mula sa lupain ng Moab: sapagka't
kaniyang nabalitaan sa lupain ng Moab kung paanong
dinalaw ng Panginoon ang kaniyang bayan sa pagbibigay sa
kanila ng tinapay. **7** At siya'y umalis sa dakong kaniyang
kinaroroonan, at ang kaniyang dalawang manugang na
kasama niya: at sila'y yumaon upang bumalik sa lupain ng
Juda. **8** At sinabi ni Noemi sa kaniyang dalawang manugang,
Kayo'y yumaon, na bumalik ang bawa't isa sa inyo sa
bahay ng kaniyang ina: gawan nawa kayo ng magaling ng
Panginoon, na gaya ng inyong ginawa sa mga namatay
at sa akin. **9** Ipagkaloob nawa ng Panginoon na kayo'y
makasumpong ng kapahingahan, bawa't isa sa inyo sa
bahay ng kaniyang asawa. Nang magkagayo'y kaniyang
hinagkan sila; at inilakas nila ang kanilang tinig at nagsiiyak.
**10** At sinabi nila sa kaniya, Hindi, kundi kami ay babalik na
kasama mo sa iyong bayan. **11** At sinabi ni Noemi, Kayo'y
magsibalik, mga anak ko: bakit kayo'y yayaong kasama
ko? may mga anak pa ba ako sa aking tiyan, na magiging
inyong mga asawa? **12** Kayo'y magsibalik, mga anak ko,
magpatuloy kayo ng inyong lakad; sapagka't ako'y totoong
matanda na upang magkaroon pa ng asawa. Kung aking
sabihin, Ako'y may pagasa, kung ako'y magkaasawa man
ngayong gabi, at ako'y magkakaanak man; **13** Maghihintay
kaya kayo hanggang sa sila'y lumaki? magbabawa kaya
kayo na magkaasawa? huwag, mga anak ko: sapagka't
daramdamin kong mainam dahil sa inyo, sapagka't ang
kamay ng Panginoon ay nanaw laban sa akin. **14** At inilakas
nila ang kanilang tinig at nagsiiyak uli; at hinagkan ni Orpha
ang kaniyang biyanan; nguni't si Ruth ay yumakap sa kaniya.
**15** At sinabi niya, Narito, ang iyong hipag ay bumalik na sa
kaniyang bayan, at sa kaniyang dios; bumalik kang sumunod
sa iyong hipag. **16** At sinabi ni Ruth, Huwag mong ipamanhik
na kita'y iwan, at bumalik na humiwalay sa iyo; sapagka't
kung saan ka pumaroon, ay paroroon ako: at kung saan ka
tumigil, ay titigil ako: ang iyong bayan ay magiging aking
bayan, at ang iyong Dios ay aking Dios: **17** Kung saan ka
mamatay, ay mamamatay ako, at doon ako ililibing; hatulan
ako ng Panginoon at lalo na, maliban ang kamatayan ang
maghiwalay sa iyo at sa akin. **18** At nang makita ni Noemi
na mapilit ng pagsama sa kaniya, ay tumigil ng pagsasalita
sa kaniya. **19** Sa gayo'y yumaon silang dalawa hanggang
sa sila'y dumating sa Bethlehem. At nangyari, nang sila'y
dumating sa Bethlehem, na ang buong bayan ay napataka
sa kanila; at sinabi ng mga babae, Ito ba'y si Noemi? **20**
At sinabi niya sa kanila, Huwag na ninyo akong tawaging
Noemi, tawagin ninyo akong Mara: sapagka't ginawan ako
ng kapaitpaitan ng Makapangyarihan sa lahat. **21** Ako'y
umalis na puno, at ako'y iniuwi ng Panginoon na walang
dala. Bakit ninyo ako tinatawag na Noemi, yamang ang
Panginoon ay nagpatotoo laban sa akin, at dinalamhati ako
ng Makapangyarihan sa lahat? **22** Sa gayo'y nagsibalik si
Noemi at si Ruth na Moabita, na kaniyang manugang na
kasama niya, na nagsibalik mula sa lupain ng Moab: at
sila'y nagsidating sa Bethlehem sa pasimula ng pagaani ng
sebada.

**2** At si Noemi ay may kamaganak ng kaniyang asawa, isang
mayamang makapangyarihan, sa angkan ni Elimelech; at
ang pangalan niya'y Booz. **2** At sinabi ni Ruth na Moabita kay
Noemi, Paparoonin mo ako ngayon sa bukid, at mamulot ng
mga uhay sa likuran niyaong aking kasumpungan ng biyaya
sa paningin. At sinabi niya sa kaniya, Yumaon ka, anak ko. **3**
At siya'y yumaon at naparoon, at namulot sa bukid sa likuran
ng mga mangaani: at nagkataong dumating sa bahagi ng
lupa na nauukol kay Booz, na sa angkan ni Elimelech. **4** At,
narito, si Booz ay nanggaling sa Bethlehem, at nagsabi sa
mga mangaani, Ang Panginoo'y sumainyo nawa. At sila'y
sumagot sa kaniya, Pagpalain ka nawa ng Panginoon. **5**
Nang magkagayo'y sinabi ni Booz sa kaniyang lingkod na
kaniyang katiwala sa mga mangaani, Sinong babae ito? **6** At
ang lingkod na katiwala sa mga mangaani ay sumagot at
nagsabi, Siya'y babaing Moabita na bumalik na kasama ni
Noemi na mula sa lupain ng Moab: **7** At kaniyang sinabi,
Isinasamo ko sa iyong pamulutin mo ako, at papagtipunin sa
likuran ng mga mangaani sa gitna ng mga bigkis. Sa gayo'y
naparoon siya at nagpatuloy, sa makatuwid baga'y mula
sa umaga hanggang ngayon, liban sa siya'y nagpahingang
sangdali sa bahay. **8** Nang magkagayo'y sinabi ni Booz kay
Ruth, Di mo ba naririnig, anak ko? Huwag kang mamulot
sa ibang bukid, o lumagpas man dito, kundi manahan ka

ritong malapit sa piling ng aking mga alilang babae. 9 Itanaw
mo ang iyong mga mata sa bukid na kanilang inaanihan, at
sumunod ka sa kanila; di ba ibinilin ko sa mga bataan na
huwag ka nilang gagalawin? At pagka ikaw ay nauuhaw,
pumaroon ka sa mga banga, at uminom ka sa inigib ng mga
bataan. 10 Nang magkagayo'y nagpatirapa siya at yumukod
sa lupa, at nagsabi sa kaniya, Bakit ako nakasumpong ng
biyaya sa iyong paningin na nilingap mo ako, dangang ako'y
taga ibang lupa? 11 At si Booz ay sumagot at nagsabi sa
kaniya, Ipinatalastas sa akin ang buong iyong ginawa sa
iyong biyanan mula sa pagkamatay ng iyong asawa: at kung
paanong iyong iniwan ang iyong ama at iyong ina, at ang
lupang pinanganakan sa iyo, at ikaw ay naparito sa bayan na
hindi mo nakilala nang una. 12 Gantihin nawa ng Panginoon
ang iyong gawa, at bigyan ka nawa ng lubos na ganting
pala ng Panginoon, ng Dios ng Israel, sa ilalim ng mga
pakpak niyaong iyong kakanlungan. 13 Nang magkagayo'y
kaniyang sinabi, Makasumpong nawa ako ng biyaya sa
iyong paningin, panginoon ko; sapagka't ako'y iyong inaliw,
at sapagka't may kagandahang loob na pinagsalitaan mo
ang iyong lingkod, bagaman ako'y hindi gaya ng isa sa iyong
mga alila. 14 At sa pagkain ay sinabi ni Booz sa kaniya,
Parito ka, at kumain ka ng tinapay, at basain mo ang iyong
subo sa suka. At siya'y umupo sa siping ng mga mangaani:
at iniabot niya sa kaniya, ang sinangag na trigo, at siya'y
kumain, at nabusog, at lumabis. 15 At nang siya'y tumindig
upang mamulot, ay iniutos ni Booz sa kaniyang mga bataan,
na sinasabi, Pamulutin ninyo siya hanggang sa gitna ng
mga bigkis, at huwag ninyo siyang hiyain. 16 At ihugot din
ninyo siya ng ilan sa mga bigkis, at iwan ninyo at pamulutin
niya, at huwag ninyong hiyain siya. 17 Sa gayo'y namulot
siya sa bukid hanggang sa paglubog ng araw; at kaniyang
hinampas yaong kaniyang napamulot, at may isang epa
ng sebada. 18 At kaniyang dinala at pumasok sa bayan: at
nakita ng kaniyang biyanan ang kaniyang napamulot: at
kaniyang inilabas at ibinigay sa kaniya ang lumabis sa kaniya
pagkatapos na siya'y nabusog. 19 At sinabi ng kaniyang
biyanan sa kaniya, Saan ka namulot ngayon? at saan ka
gumawa? Pagpalain nawa yaong lumingap sa iyo, At itinuro
niya sa kaniyang biyanan kung kanino siya gumawa, at
sinabi, Ang pangalan ng lalake na aking ginawan ngayon
ay Booz. 20 At sinabi ni Noemi sa kaniyang manugang:
Pagpalain nawa siya ng Panginoon, na hindi ikinait ang
kaniyang kagandahang loob sa mga buhay at sa mga patay.
At sinabi ni Noemi sa kaniya, Ang lalaking yaon ay isa sa
mga kamaganak na malapit natin, isang pinakamalapit na
kamaganak natin. 21 At sinabi ni Ruth na Moabita, Oo, sinabi
niya sa akin, Ikaw ay sumunod na malapit sa aking mga
bataan hanggang sa kanilang matapos ang aking ani. 22 At
sinabi ni Noemi kay Ruth na kaniyang manugang, Mabuti,
anak ko, na ikaw ay lumabas na kasama ng kaniyang mga
alila, at huwag kang masumpungan sa ibang bukid. 23 Sa
gayo'y nakipisang maliksi na kasiping ng mga alila ni Booz,
upang mamulot hanggang sa katapusan ng pagaani ng
sebada at pagaani ng trigo; at siya'y tumahang kasama ng
kaniyang biyanan.

**3** At sinabi sa kaniya ni Noemi na kaniyang biyanan, Anak
ko, hindi ba kita ihahanap ng kapahingahan, na ikabubuti
mo? 2 At ngayo'y wala ba rito si Booz na ating kamaganak,
na ang kaniyang mga alila ay siya mong kinasama? Narito,
kaniyang pahahanginan ang sebada ngayong gabi sa giikan.
3 Maligo ka nga, at magpahid ka ng langis, at magbihis
ka at bumaba ka sa giikan: nguni't huwag kang pakilala
sa lalake, hanggang siya'y makakain at makainom. 4 At
mangyayari, paghiga niya, na iyong tatandaan ang dakong
kaniyang hihigaan, at ikaw ay papasok, at iyong alisan ng
takip ang kaniyang mga paa, at mahiga ka; at sasabihin
niya sa iyo kung ano ang iyong gagawin. 5 At sinabi niya sa
kaniya, Lahat ng iyong sinasabi sa akin ay aking gagawin. 6
At siya'y bumaba sa giikan, at ginawa niya ang ayon sa
buong iniutos sa kaniya ng kaniyang biyanan. 7 At nang si
Booz ay makakain at makainom, at ang kaniyang puso'y
maligayahan, siya'y yumaong nahiga sa dulo ng bunton
ng trigo; at siya'y naparoong marahan, at inalisan ng takip
ang kaniyang mga paa, at siya'y nahiga. 8 At nangyari, sa
hating gabi, na ang lalake ay natakot at pumihit: at, narito,
isang babae ay nakahiga sa kaniyang paanan. 9 At sinabi
niya, Sino ka? At siya'y sumagot, Ako'y si Ruth, na iyong
lingkod: iladlad mo nga ang iyong kumot sa iyong lingkod;
sapagka't ikaw ay malapit na kamaganak. 10 At kaniyang
sinabi, Pagpalain ka nawa ng Panginoon, anak ko: ikaw ay
nagpakita ng higit na kagandahang loob sa huli kay sa ng
una, sa hindi mo pagsunod sa mga bagong tao maging sa
dukha o sa mayaman. 11 At ngayon, anak ko, huwag kang
matakot; gagawin ko sa iyo ang lahat na iyong sinasabi,
sapagka't buong bayan ng aking bayan ay nakakaalam na
ikaw ay isang babaing may bait. 12 At tunay nga na ako'y
kamaganak na malapit; gayon man ay may kamaganak
na lalong malapit kay sa akin. 13 Maghintay ka ngayong
gabi, at mangyayari sa kinaumagahan, na kung kaniyang
tutuparin sa iyo ang bahagi ng pagkakamaganak, ay mabuti;
gawin niya ang bahagi ng pagkakamaganak: nguni't kundi
niya gagawin ang bahagi ng pagkakamaganak sa iyo, ay
gagawin ko nga ang bahagi ng pagkakamaganak sa iyo,
kung paano ang Panginoon ay nabubuhay: mahiga ka nga
hanggang kinaumagahan. 14 At siya'y nahiga sa kaniyang
paanan hanggang kinaumagahan: at siya'y bumangong
maaga bago magkakilala ang isa't isa. Sapagka't kaniyang

sinabi, Huwag maalaman na ang babae ay naparoon sa
giikan. 15 At kaniyang sinabi, Dalhin mo rito ang balabal na
nasa ibabaw mo at hawakan; at hinawakan niya; at siya'y
tumakal ng anim na takal na sebada, at isinunong sa kaniya;
at siya'y pumasok sa bayan. 16 At nang siya'y pumaroon
sa kaniyang biyanan, ay sinabi niya, Ano nga, anak ko? At
isinaysay niya sa kaniya ang lahat na ginawa sa kaniya ng
lalake. 17 At sinabi niya, Ang anim na takal na sebadang ito
ay ibinigay niya sa akin; sapagka't kaniyang sinabi, Huwag
kang pumaroong walang dala sa iyong biyanan. 18 Nang
magkagayo'y sinabi niya, Maupo kang tahimik, anak ko,
hanggang sa iyong maalaman kung paanong kararatnan ng
bagay: sapagka't ang lalaking yaon ay hindi magpapahinga,
hanggang sa kaniyang matapos ang bagay sa araw na ito.

**4** Si Booz nga'y sumampa sa pintuang-bayan, at naupo siya
roon: at, narito, ang malapit na kamaganak na sinalita ni
Booz ay nagdaan; sa lalaking yao'y sinabi niya, Oy, kuwan!
lumiko ka, maupo ka rito. At siya'y lumiko, at naupo. 2 At
siya'y kumuha ng sangpung lalake sa mga matanda sa
bayan, at sinabi, Maupo kayo rito. At sila'y naupo. 3 At sinabi
niya sa malapit na kamaganak, Ipinagbibili ni Noemi, na
bumalik na galing sa lupain ng Moab, ang bahagi ng lupa,
na naging sa ating kapatid na kay Elimelech: 4 At aking
inisip na ipahayag sa iyo, na sabihin, Bilhin mo sa harap
nilang nakaupo rito, at sa harap ng mga matanda ng aking
bayan. Kung iyong tutubusin ay tubusin mo; nguni't kung
hindi mo tutubusin ay saysayin mo nga, upang matalastas
ko: sapagka't wala nang tutubos na iba pa liban sa iyo: at
ako ang sumusunod sa iyo. At sinabi niya, Aking tutubusin. 5
Nang magkagayo'y sinabi ni Booz, Anomang araw na iyong
bilhin ang parang sa kamay ni Noemi, ay marapat na iyong
bilhin din ang kay Ruth na Moabita, na asawa ng namatay,
upang ibangon ang pangalan ng namatay sa kaniyang mana.
6 At sinabi ng malapit na kamaganak, Hindi ko matutubos
sa ganang akin, baka masira ang aking sariling mana: iyo
na ang aking matuwid ng pagtubos; sapagka't hindi ko
matutubos. 7 Ito nga ang kaugalian ng unang panahon sa
Israel tungkol sa pagtubos at tungkol sa pagpapalit, upang
patotohanan ang lahat ng mga bagay; hinuhubad ng isa
ang kaniyang pangyapak, at ibinibigay sa kaniyang kapuwa:
at ito ang paraan ng pagpapatotoo sa Israel. 8 Sa gayo'y
sinabi ng malapit na kamaganak kay Booz, Bilhin mo sa
ganang iyo. At hinubad niya ang kaniyang pangyapak. 9
At sinabi ni Booz sa mga matanda at sa buong bayan,
Kayo'y mga saksi sa araw na ito, na aking binili ang lahat ng
kay Elimelech, at lahat na kay Chelion, at kay Mahalon, sa
kamay ni Noemi. 10 Bukod dito'y si Ruth na Moabita, na
asawa ni Mahalon, ay aking binili na maging aking asawa,
upang ibangon ang pangalan ng namatay sa kaniyang mana,
upang ang pangalan ng namatay ay huwag mahiwalay sa
gitna ng kaniyang mga kapatid, at sa pintuang-bayan ng
kaniyang dako: kayo'y mga saksi sa araw na ito. 11 At ang
buong bayan na nasa pintuang-bayan, at ang mga matanda
ay nagsabi, Kami ay mga saksi. Gawin ng Panginoon ang
babae na pumapasok sa iyong bahay, na gaya ni Rachel at
gaya ni Lea, na silang dalawa ang nagtatag ng sangbahayan
ni Israel, at maging makapangyarihan ka sa Ephrata, at
maging bantog sa Bethlehem: 12 At ang iyong sangbahayan
ay maging gaya ng sangbahayan ni Phares, na ipinanganak
ni Thamar kay Juda, sa binhi na ibibigay ng Panginoon sa
iyo sa batang babaing ito. 13 Sa gayo'y kinuha ni Booz si
Ruth, at siya'y naging kaniyang asawa; at siya'y sumiping
sa kaniya, at pinapaglihi ng Panginoon, at siya'y nanganak
ng isang lalake. 14 At sinabi ng mga babae kay Noemi,
Pagpalain ka nawa ng Panginoon na hindi ka binayaan sa
araw na ito, na mawalan ng isang malapit na kamaganak; at
maging bantog nawa ang kaniyang pangalan sa Israel. 15 At
siya'y magiging sa iyo ay isang tagapagsauli ng buhay, at
tagapagkandili sa iyong katandaan: sapagka't ang inyong
manugang na nagmamahal sa iyo, ay nagkaanak sa kaniya,
at siya'y mahigit pa sa iyo kay sa pitong anak. 16 At kinuha
ni Noemi ang bata, at inihilig sa kaniyang kandungan, at
siya'y naging yaya. 17 At nilagyan ng pangalan ng mga
babaing kaniyang kapitbahay, na sinasabi, May isang lalake
na ipinanganak kay Noemi; at tinawag nila ang pangalan
niya na Obed; siya ang ama ni Isai, na ama ni David. 18
Ito nga ang mga lahi ni Phares: naging anak ni Phares si
Hesron; 19 At naging anak ni Hesron si Ram, at naging
anak ni Ram si Aminadab; 20 At naging anak ni Aminadab
si Nahason, at naging anak ni Nahason si Salmon: 21 At
naging anak ni Salmon si Booz, at naging anak ni Booz si
Obed; 22 At naging anak ni Obed si Isai, at naging anak ni
Isai si David.

# 1 Samuel

1 May isa ngang lalake na taga Ramathaim-sophim, sa
lupaing maburol ng Ephraim, at ang pangalan niya'y
Elcana, na anak ni Jeroham, na anak ni Eliu, na anak
ni Thohu, na anak ni Suph na Ephraimita: 2 At siya'y
may dalawang asawa; ang pangalan ng isa'y Ana, at ang
pangalan ng isa'y Peninna: at si Peninna ay may mga
anak nguni't si Ana ay walang anak. 3 At ang lalaking ito
ay umaahon sa taon-taon mula sa kaniyang bayan upang
sumamba at maghain sa Panginoon ng mga hukbo sa Silo.
At ang dalawang anak ni Eli, na si Ophni at si Phinees, na
mga saserdote sa Panginoon, ay nangandoon. 4 At pagka
dumarating ang araw na si Elcana ay naghahain, ay kaniyang
binibigyan ng mga bahagi si Peninna na kaniyang asawa, at
ang lahat ng kaniyang mga anak na lalake at babae: 5 Nguni't
si Ana ay binibigyan niya ng ibayong bahagi: sapagka't
minamahal niya si Ana, bagaman sinarhan ng Panginoon ang
kaniyang bahay-bata. 6 At minumungkahi siyang mainam ng
kaniyang kaagaw upang yamutin siya, sapagka't sinarhan
ng Panginoon ang kaniyang bahay-bata. 7 At gayon ang
ginagawa niya sa taon-taon, na pagka inaahon niya ang
bahay ng Panginoon ay minumungkahi niyang gayon ang isa;
kaya't siya'y umiiyak, at hindi kumakain. 8 At sinabi ni Elcana
na kaniyang asawa sa kaniya, Ana, bakit ka umiiyak? at
bakit hindi ka kumakain? at bakit nagdadalamhati ang iyong
puso? hindi ba ako mabuti sa iyo kay sa sangpung anak? 9
Sa gayo'y bumangon si Ana pagkatapos na makakain sila
sa Silo at pagkatapos na sila'y makainom. Ngayo'y si Eli na
saserdote ay nakaupo sa upuan niya sa siping ng haligi ng
pintuan ng templo ng Panginoon. 10 At siya'y nanalangin
sa Panginoon ng buong paghihinagpis ng kaluluwa, at
tumangis na mainam. 11 At siya'y nanata ng isang panata, at
nagsabi, Oh Panginoon ng mga hukbo, kung tunay na iyong
lilingunin ang pagkapighati ng iyong lingkod, at aalalahanin
mo at hindi mo kalilimutan ang iyong lingkod, kundi iyong
pagkakalooban ang iyong lingkod ng anak na lalake, ay
akin ngang ibibigay sa Panginoon sa lahat ng kaarawan ng
kaniyang buhay, at walang pangahit na daraan sa kaniyang
ulo. 12 At nangyari, habang siya'y nananatili ng pananalangin
sa harap ng Panginoon, ay pinagmamasdan ni Eli ang
kaniyang bibig. 13 Si Ana nga'y nagsasalita sa kaniyang
puso; ang kaniya lamang mga labi ang gumagalaw, nguni't
ang kaniyang tinig ay hindi naririnig: kaya't inakala ni Eli na
siya'y lasing. 14 At sinabi ni Eli sa kaniya, Hanggang kailan
magiging lasing ka? ihiwalay mo ang iyong alak sa iyo. 15 At
sumagot si Ana, at nagsabi, Hindi, panginoon ko, ako'y isang
babae na may diwang mapanglaw: hindi ako nakainom ng
alak o inuming nakalalasing, kundi aking inihayag ang aking
kaluluwa sa harap ng Panginoon. 16 Huwag mong ibilang na
babaing hamak ang iyong lingkod: sapagka't sa kasaganaan
ng aking daing at ng aking pagkaduwahagi ay nagsalita ako
hanggang ngayon. 17 Nang magkagayo'y sumagot si Eli,
at nagsabi, Yumaon kang payapa: at ipagkaloob nawa sa
iyo ng Dios ng Israel ang iyong hiling na hinihingi mo sa
kaniya. 18 At sinabi niya, Makasumpong nawa ang iyong
lingkod ng biyaya sa iyong paningin. Sa gayo'y nagpatuloy
ng kaniyang lakad ang babae at kumain, at ang kaniyang
mukha'y hindi na malumbay. 19 At sila'y bumangong maaga
ng kinaumagahan, at sumamba sa Panginoon, at bumalik, at
umuwi sa kanilang bahay sa Ramatha; at nakilala ni Elcana
si Ana na kaniyang asawa; at inalaala siya ng Panginoon. 20
At nangyari, nang sumapit ang panahon, na si Ana ay naglihi,
at nanganak ng isang lalake; at tinawag ang pangalan niya
na Samuel, na sinasabi, Sapagka't aking hiningi siya sa
Panginoon. 21 At ang lalaking si Elcana, at ang buong
sangbahayan niya, ay nagsiahon upang maghandog sa
Panginoon ng hain sa taon-taon, at ganapin ang kaniyang
panata. 22 Nguni't si Ana ay hindi umahon; sapagka't sinabi
niya sa kaniyang asawa, Hindi ako aahon hanggang sa
ang bata'y mahiwalay sa suso; at kung magkagayo'y aking
dadalhin siya, upang siya'y pakita sa harap ng Panginoon, at
tumahan doon magpakailan man. 23 At sinabi ni Elcana na
kaniyang asawa sa kaniya, Gawin mo ang inaakala mong
mabuti; maghintay ka hanggang sa maihiwalay mo siya
sa suso; pagtibayin lamang ng Panginoon ang kaniyang
salita. Sa gayo'y naghintay ang babae, at pinasuso ang
kaniyang anak, hanggang sa naihiwalay niya sa suso. 24 At
nang kaniyang maihiwalay na sa suso, ay kaniyang iniahon,
na may dala siyang tatlong guyang lalake, at isang epang
harina, at isang sisidlang balat ng alak, at dinala niya siya sa
bahay ng Panginoon sa Silo: at ang anak ay sanggol. 25 At
kanilang pinatay ang guyang lalake, at dinala ang bata kay
Eli. 26 At sinabi niya, Oh panginoon ko, alangalang sa buhay
ng iyong kaluluwa, panginoon ko, ako ang babaing tumayo
sa siping mo rito, na nanalangin sa Panginoon. 27 Dahil
sa batang ito ako nanalangin; at ipinagkaloob sa akin ng
Panginoon ang aking hiling na aking hiningi sa kaniya: 28
Kaya't aking ipinagkakaloob naman sa Panginoon habang
siya'y nabubuhay ay ipinagkakaloob ko siya sa Panginoon.
At siya ay sumamba sa Panginoon doon.

2 At si Ana ay nanalangin, at nagsabi: Nagagalak ang
aking puso sa Panginoon; Ang aking sungay ay pinalaki
ng Panginoon; Binigyan ako ng bibig sa aking mga kaaway;
Sapagka't ako'y nagagalak sa iyong pagliligtas. 2 Walang
banal na gaya ng Panginoon; Sapagka't walang iba liban sa
iyo, Ni may bato mang gaya ng aming Dios. 3 Huwag na
kayong magsalita ng totoong kapalaluan; Huwag mabuka

ang kahambugan sa inyong bibig; Sapagka't ang Panginoon
ay Dios ng kaalaman, At sa pamamagitan niya'y sinusukat
ang mga kilos. 4 Ang mga busog ng mga makapangyarihang
tao ay nasisira; At yaong nangatisod ay nabibigkisan ng
kalakasan. 5 Yaong mga busog ay nagpaupa dahil sa
tinapay; At yaong mga gutom ay hindi na gutom: Oo, ang
baog ay nanganak ng pito; At yaong may maraming anak ay
nanghihina. 6 Ang Panginoo'y pumapatay, at bumubuhay:
Siya ang nagbababa sa Sheol, at nagsasampa. (Sheol h7585)
7 Ang Panginoo'y nagpapadukha at nagpapayaman: Siya
ang nagpapababa, at siya rin naman ang nagpapataas. 8
Kaniyang ibinabangon ang dukha mula sa alabok, Kaniyang
itinataas ang mapagkailangan mula sa dumihan, Upang
sila'y palukluking kasama ng mga prinsipe, At magmana ng
luklukan ng kaluwalhatian: Sapagka't ang mga haligi ng lupa
ay sa Panginoon, At kaniyang ipinatong ang sanglibutan
sa kanila. 9 Kaniyang iingatan ang mga paa ng kaniyang
mga banal; Nguni't ang masama ay patatahimikin sa mga
kadiliman; Sapagka't sa pamamagitan ng kalakasan ay
walang lalaking mananaig. 10 Yaong makipagkaalit sa
Panginoon ay malalansag; Laban sa kanila'y kukulog siya
mula sa langit: Ang Panginoon ang huhukom sa mga wakas
ng lupa; At bibigyan niya ng kalakasan ang kaniyang hari, At
palalakihin ang sungay ng kaniyang pinahiran ng langis.
11 At si Elcana ay umuwi sa Ramatha sa kaniyang bahay.
At ang bata'y nangangasiwa sa Panginoon sa harap ni Eli
na saserdote. 12 Ngayo'y ang mga anak ni Eli ay mga
hamak na lalake; hindi nila nakikilala ang Panginoon. 13 At
ang kaugalian ng mga saserdote sa bayan, ay, na pagka
ang sinoma'y naghahandog ng hain, lumalapit ang bataan
ng saserdote, samantalang ang laman ay niluluto, na may
hawak sa kamay na pang-ipit na may tatlong ngipin; 14 At
kaniyang dinuduro sa kawali, o sa kaldera, o sa kaldero, o
sa palyok; at lahat ng nadadala ng pang-ipit ay kinukuha ng
saserdote para sa kaniya. Gayon ang ginagawa nila sa Silo
sa lahat ng mga Israelita na naparoroon. 15 Oo, bago nila
sunugin ang taba, ay lumalapit ang bataan ng saserdote, at
sinasabi sa lalake na naghahain, Magbigay ka ng lamang
maiihaw para sa saserdote, sapagka't hindi siya tatanggap sa
iyo ng lamang luto, kundi hilaw. 16 At kung sabihin ng lalake
sa kaniya, Walang pagsalang kanila munang susunugin ang
taba, at saka mo kunin kung gaano ang nasain ng iyong
kaluluwa; kaniya ngang sinasabi, Hindi, kundi ibibigay mo
sa akin ngayon: at kung hindi ay aking kukuning sapilitan.
17 At ang kasalanan ng mga binatang yaon ay totoong
malaki sa harap ng Panginoon; sapagka't niwawalan ng
kabuluhan ng mga tao ang handog sa Panginoon. 18 Nguni't
si Samuel ay nangangasiwa sa harap ng Panginoon, sa
bagay ay bata pa, na may bigkis na isang kayong linong
epod. 19 Bukod sa rito'y iginagawa siya ng kaniyang ina
ng isang munting balabal, at dinadala sa kaniya taon-taon,
pagka siya'y umaahon na kasama ng kaniyang asawa upang
maghandog ng hain sa taon-taon. 20 At binasbasan ni Eli si
Elcana at ang kaniyang asawa, at sinabi, Bigyan ka nawa
ng Panginoon ng binhi sa babaing ito sa lugar ng hingi na
kaniyang hiningi sa Panginoon. At sila'y umuwi sa kanilang
sariling bahay. 21 At dinalaw ng Panginoon si Ana, at siya'y
naglihi, at nagkaanak ng tatlong lalake at dalawang babae. At
ang batang si Samuel ay lumalaki sa harap ng Panginoon. 22
Si Eli nga ay totoong matanda na; at kaniyang nababalitaan
ang lahat ng ginagawa ng kaniyang mga anak sa buong
Israel, at kung paanong sila'y sumisiping sa mga babae na
naglilingkod sa pintuan ng tabernakulo ng kapisanan. 23
At sinabi niya sa kanila, Bakit ginagawa ninyo ang mga
ganiyang bagay? sapagka't aking nababalitaan sa buong
bayang ito ang inyong mga masamang kilos. 24 Huwag, mga
anak ko; sapagka't hindi mabuting balita ang aking naririnig:
inyong pinasasalangsang ang bayan ng Panginoon. 25 Kung
ang isang tao ay magkasala laban sa iba, ay hahatulan siya
ng Dios; nguni't kung ang isang tao ay magkasala laban
sa Panginoon, sino ang mamamagitan sa kaniya? Gayon
ma'y hindi nila dininig ang tinig ng kanilang ama, sapagka't
inakalang patayin sila ng Panginoon. 26 At ang batang si
Samuel ay lumalaki, at kinalulugdan ng Panginoon at ng
mga tao rin naman. 27 At naparoon ang isang lalake ng Dios
kay Eli, at sinabi sa kaniya, Ganito ang sabi ng Panginoon,
Napakita ba ako ng hayag sa sangbahayan ng iyong ama,
nang sila'y nasa Egipto sa pagkaalipin sa sangbahayan
ni Faraon? 28 At pinili ko ba siya sa lahat ng mga lipi
ng Israel upang maging saserdote ko, upang maghandog
sa aking dambana, upang magsunog ng kamangyan, at
upang magsuot ng epod sa harap ko? at ibinigay ko ba sa
sangbahayan ng iyong ama ang lahat ng mga handog ng
mga anak ni Israel na pinaraan sa apoy? 29 Bakit nga kayo'y
tumututol sa aking hain at sa aking handog, na aking iniutos
sa aking tahanan, at iyong pinararangalan ang iyong mga
anak ng higit kaysa akin, upang kayo'y magpakataba sa
mga pinakamainam sa lahat ng mga handog ng Israel na
aking bayan? 30 Kaya't sinasabi ng Panginoon, ng Dios
ng Israel, Aking sinabi nga na ang iyong sangbahayan, at
ang sangbahayan ng iyong ama, ay lalakad sa harap ko
magpakailan man: nguni't sinasabi ngayon ng Panginoon,
Malayo sa akin; sapagka't yaong mga nagpaparangal sa akin
ay aking pararangalin, at yaong mga humahamak sa akin
ay mawawalan ng kabuluhan. 31 Narito, ang mga araw ay
dumarating, na aking ihihiwalay ang iyong bisig, at ang bisig
ng sangbahayan ng iyong ama, upang huwag magkaroon ng
matanda sa iyong sangbahayan. 32 At iyong mamasdan ang

kadalamhatian sa aking tahanan, sa buong kayamanan na
ibibigay ng Dios sa Israel; at mawawalan ng matanda sa
iyong sangbahayan magpakailan man. 33 At ang lalaking iyo,
na hindi ko ihihiwalay sa aking dambana, ay magiging upang
lunusin ang iyong mga mata at papanglawin ang iyong
puso; at ang madlang mararagdag sa iyong sangbahayan ay
mamamatay sa kanilang kabataan. 34 At ito ang magiging
tanda sa iyo, na darating sa iyong dalawang anak, kay Ophni
at kay Phinees: sa isang araw, sila'y kapuwa mamamatay.
35 At ako'y magbabangon para sa akin ng isang tapat na
saserdote, na gagawa ng ayon sa nasa aking puso at
nasa aking pagiisip: at ipagtatayo ko siya ng panatag na
sangbahayan; at siya'y lalakad sa harap ng aking pinahiran
ng langis, magpakailan man. 36 At mangyayari, na bawa't isa
na naiwan sa iyong sangbahayan, ay paroroon at yuyukod
sa kaniya dahil sa isang putol na pilak at sa isang putol na
tinapay, at magsasabi, Isinasamo ko sa iyong ilagay mo
ako sa isa sa mga katungkulang pagkasaserdote, upang
makakain ako ng isang subong tinapay.

3 At ang batang si Samuel ay nangangasiwa sa Panginoon
sa harap ni Eli. At ang salita ng Panginoon ay mahalaga
noong mga araw na yaon; walang hayag na pangitain. 2 At
nangyari nang panahon na yaon, nang si Eli ay mahiga sa
kaniyang dako, (ang kaniya ngang mata'y nagpasimulang
lumabo, na siya'y hindi nakakita, ) 3 At ang ilawan ng Dios
ay hindi pa namamatay, at si Samuel ay nakahiga upang
matulog, sa templo ng Panginoon, na kinaroroonan ng
kaban ng Dios; 4 Na tinawag ng Panginoon si Samuel: at
kaniyang sinabi, Narito ako. 5 At siya'y tumakbo kay Eli, at
nagsabi, Narito ako; sapagka't tinawag mo ako. At kaniyang
sinabi, Hindi ako tumawag; mahiga ka uli. At siya'y yumaon
at nahiga. 6 At tumawag pa uli ang Panginoon, Samuel.
At bumangon si Samuel at naparoon kay Eli, at nagsabi,
Narito ako: sapagka't ako'y tinawag mo. At siya'y sumagot,
Hindi ako tumawag, anak ko; mahiga ka uli. 7 Hindi pa nga
nakikilala ni Samuel ang Panginoon, o ang salita man ng
Panginoon ay nahahayag pa sa kaniya. 8 At tinawag uli ng
Panginoon na ikaitlo. At siya'y bumangon, at naparoon kay
Eli, at nagsabi, Narito ako; sapagka't ako'y iyong tinawag.
At nahalata ni Eli na tinatawag ng Panginoon ang bata. 9
Kaya't sinabi ni Eli kay Samuel, Yumaon ka, mahiga ka: at
mangyayari, na kung tatawagin ka niya, ay iyong sasabihin,
Magsalita ka, Panginoon; sapagka't dinirinig ng iyong lingkod.
Sa gayo'y yumaon si Samuel at nahiga sa kaniyang dako. 10
At ang Panginoon ay naparoon, at tumayo, at tumawag na
gaya ng una, Samuel, Samuel. Nang magkagayo'y sinabi ni
Samuel, Magsalita ka; sapagka't dinirinig ng iyong lingkod.
11 At sinabi ng Panginoon kay Samuel, Narito, gagawa ako
ng isang bagay sa Israel, na ang dalawang tainga ng bawa't
isa na nakikinig ay magpapanting. 12 Sa araw na yaon ay
aking tutuparin kay Eli ang lahat na aking sinalita tungkol
sa kaniyang sangbahayan, mula sa pasimula hanggang sa
wakas. 13 Sapagka't aking isinaysay sa kaniya na aking
huhukuman ang kaniyang sangbahayan magpakailan man,
dahil sa kasamaan na kaniyang nalalaman, sapagka't ang
kaniyang mga anak ay nagdala ng sumpa sa kanilang sarili,
at hindi niya sinangsala sila. 14 At kaya't ako'y sumumpa sa
sangbahayan ni Eli, na ang kasamaan ng sangbahayan ni
Eli ay hindi mapapawi ng hain, o handog man magpakailan
man. 15 At nahiga si Samuel hanggang sa kinaumagahan, at
ibinukas ang mga pinto ng bahay ng Panginoon. At natakot
si Samuel na saysayin kay Eli ang panaginip. 16 Nang
magkagayo'y tinawag ni Eli si Samuel, at nagsabi, Samuel,
anak ko. At kaniyang sinabi, Narito ako. 17 At kaniyang
sinabi, Ano ang bagay na sinalita sa iyo? isinasamo ko sa
iyo na huwag mong ilihim sa akin: hatulan ka ng Dios, at lalo
na, kung iyong ililihim sa akin ang anomang bagay sa lahat
ng mga bagay na kaniyang sinalita sa iyo. 18 At isinaysay
sa kaniya ni Samuel ang buong sinalita, at hindi naglihim
ng anoman sa kaniya. At kaniyang sinabi, Panginoon nga:
gawin niya ang inaakala niyang mabuti. 19 At si Samuel
ay lumalaki at ang Panginoon ay sumasakaniya, at walang
di pinapangyari sa kaniyang mga salita. 20 At nakilala ng
buong Israel mula sa Dan hanggang sa Beer-seba na si
Samuel ay itinatag na maging propeta ng Panginoon. 21
At napakilala uli ang Panginoon sa Silo, sapagka't ang
Panginoo'y napakilala kay Samuel sa Silo sa pamamagitan
ng salita ng Panginoon.

4 At ang salita ni Samuel ay dumating sa buong Israel,
Ngayo'y lumabas ang Israel laban sa mga Filisteo upang
makipagbaka, at humantong sa Ebenezer: at ang mga
Filisteo ay humantong sa Aphec. 2 At ang mga Filisteo ay
humanay laban sa Israel: at nang sila'y magsagupa, ang
Israel ay nasaktan sa harap ng mga Filisteo; at kanilang
pinatay sa hukbo sa parang, ay may apat na libong lalake. 3
At nang ang bayan ay dumating sa kampamento, ay sinabi
ng mga matanda sa Israel, Bakit sinaktan tayo ngayon ng
Panginoon sa harap ng mga Filisteo? Ating dalhin sa atin
ang kaban ng tipan ng Panginoon mula sa Silo, upang
mapasa gitna natin yaon, at iligtas tayo sa kamay ng ating
mga kaaway. 4 Sa gayo'y nagsugo ang bayan sa Silo, at
kanilang dinala mula roon ang kaban ng tipan ng Panginoon
ng mga hukbo, na nauupo sa gitna ng mga querubin: at ang
dalawang anak ni Eli, si Ophni at si Phinees, ay nandoon na
binabantayan ang kaban ng tipan ng Dios. 5 At nang ang
kaban ng tipan ng Panginoon ay pumasok sa kampamento,
ang buong Israel ay humiyaw ng malakas na hiyaw, na ano
pa't naghinugong sa lupa. 6 At nang marinig ng mga Filisteo

ang ingay ng hiyaw, ay nagsipagsabi, Ano ang kahulugan
ng ingay nitong malakas na hiyaw sa kampamento ng
mga Hebreo? At kanilang natalastas na ang kaban ng
Panginoon ay ipinasok sa kampamento. 7 At ang mga
Filisteo ay nangatakot, sapagka't kanilang sinabi, Ang Dios
ay pumasok sa kampamento. At kanilang sinabi, Sa aba
natin! sapagka't hindi pa nagkakaroon ng ganyang bagay
kailan man. 8 Sa aba natin! sino ang magliligtas sa atin
sa kamay ng makapangyarihang mga dios na ito? ito ang
mga dios na nanakit sa mga taga-Egipto ng sarisaring salot
sa ilang. 9 Kayo'y magpakalakas at magpakalalake, Oh
kayong mga Filisteo, upang kayo'y huwag maging mga
alipin ng mga Hebreo, na gaya ng naging lagay nila sa
inyo: kayo'y magpakalalake, at magsilaban. 10 At ang mga
Filisteo ay nagsilaban, at ang Israel ay nasaktan, at tumakas
ang bawa't isa sa kanila sa kaniyang tolda: at nagkaroon ng
malaking patayan; sapagka't nabuwal sa Israel ay tatlong
pung libong lalaking lakad. 11 At ang kaban ng Dios ay
kinuha; at ang dalawang anak ni Eli, si Ophni at Phinees ay
pinatay. 12 At tumakbo ang isang lalake ng Benjamin na
mula sa hukbo, at naparoon sa Silo nang araw ding yaon, na
may barong hapak at may lupa sa kaniyang ulo. 13 At nang
siya'y dumating, narito, si Eli ay nakaupo sa kaniyang upuan
sa tabi ng daan na nagbabantay; sapagka't ang kaniyang
puso'y nanginginig dahil sa kaban ng Dios. At nang ang
tao ay pumasok sa bayan, at saysayin ang mga balita, ang
buong bayan ay humiyaw. 14 At nang marinig ni Eli ang
ingay ng hiyawan, ay kaniyang sinabi, Ano ang kahulugan ng
kaingay ng gulong ito? At ang tao'y nagmadali, at naparoon,
at isinaysay kay Eli. 15 Si Eli nga'y may siyam na pu't
walong taon na; at ang kaniyang mga mata'y malalabo na,
siya'y di na makakita. 16 At sinabi ng lalake kay Eli, Ako
yaong nanggaling sa hukbo, at ako'y tumakas ngayon mula
sa hukbo. At kaniyang sinabi, Paano ang nangyari, anak
ko? 17 At siya na nagdala ng mga balita ay sumagot at
nagsabi, Ang Israel ay tumakas sa harap ng mga Filisteo, at
nagkaroon din naman doon ng isang malaking patayan sa
gitna ng bayan, at pati ng iyong dalawang anak, si Ophni at
si Phinees ay patay na, at ang kaban ng Dios ay kinuha. 18
At nangyari, nang kaniyang banggitin ang kaban ng Dios, na
siya'y nabuwal sa likuran sa kaniyang upuan sa dako ng
pintuang-bayan; at nabalian siya sa leeg, at siya'y namatay:
sapagka't siya'y lalaking matanda at mabigat. At hinatulan
niya ang Israel na apat na pung taon. 19 At ang kaniyang
manugang, na asawa ni Phinees, ay buntis na kagampan: at
pagkarinig niya ng balita na ang kaban ng Dios ay kinuha,
at ang kaniyang biyanan at kaniyang asawa ay patay na,
ay yumukod siya at napanganak; sapagka't ang kaniyang
pagdaramdam ay dumating sa kaniya. 20 At nang mamatay
na siya, ay sinabi sa kaniya ng mga babaing nakatayo
sa siping niya, Huwag kang matakot; sapagka't ikaw ay
nanganak ng isang lalake. Nguni't hindi siya sumagot, o
inalumana man niya. 21 At ipinangalan niya sa bata ay
Ichabod, na sinasabi, Ang kaluwalhatian ay nahiwalay sa
Israel; sapagka't ang kaban ng Dios ay kinuha, at dahil sa
kaniyang biyanan at sa kaniyang asawa. 22 At kaniyang
sinabi, Ang kaluwalhatian ng Dios ay nahiwalay sa Israel;
sapagka't ang kaban ng Dios ay kinuha.

5 Kinuha nga ng mga Filisteo ang kaban ng Dios, at
kanilang dinala sa Asdod mula sa Eben-ezer. 2 At kinuha
ng mga Filisteo ang kaban ng Dios at ipinasok sa bahay ni
Dagon, at inilagay sa tabi ni Dagon. 3 At nang bumangong
maaga ang mga taga Asdod ng kinaumagahan, narito, si
Dagon ay buwal na nakasubasob sa lupa sa harap ng kaban
ng Panginoon. At kanilang kinuha si Dagon, at inilagay
siya uli sa dako niyang kinaroroonan. 4 At nang sila'y
bumangong maaga ng kinaumagahan, narito, si Dagon
ay buwal na nakasubasob sa lupa sa harap ng kaban ng
Panginoon; at ang ulo ni Dagon at gayon din ang mga palad
ng kaniyang mga kamay ay putol na nasa tayuan ng pintuan;
ang katawan lamang ang naiwan sa kaniya. 5 Kaya't ang
mga saserdote man ni Dagon, o ang sinomang nanasok sa
bahay ni Dagon, ay hindi itinutungtong ang paa sa tayuan
ng pintuan ni Dagon sa Asdod, hanggang sa araw na ito.
6 Nguni't ang kamay ng Panginoon ay bumigat sa mga
taga Asdod, at mga ipinahamak niya, at mga sinaktan ng
mga bukol, sa makatuwid baga'y ang Asdod at ang mga
hangganan niyaon. 7 At nang makita ng mga lalake sa
Asdod na gayon, ay kanilang sinabi, Ang kaban ng Dios
ng Israel ay huwag matirang kasama natin; sapagka't ang
kaniyang kamay ay mabigat sa atin, at kay Dagon ating dios.
8 Sila'y nagsugo nga at nagpipisan ang lahat ng mga pangulo
ng mga Filisteo sa kanila at sinabi, Ano ang ating gagawin
sa kaban ng Dios ng Israel? At sila'y sumagot, Dalhin sa
Gath ang kaban ng Dios ng Israel. At kanilang dinala roon
ang kaban ng Dios ng Israel. 9 At nangyari, na pagkatapos
na kanilang madala, ang kamay ng Panginoon ay naging
laban sa bayan, na nagkaroon ng malaking pagkalito: at
sinaktan niya ang mga tao sa bayan, ang maliit at gayon
din ang malaki; at mga bukol ay sumibol sa kanila. 10 Sa
gayo'y kanilang ipinadala ang kaban ng Dios sa Ecron. At
nangyari, pagdating ng kaban ng Dios sa Ecron, na ang
mga Ecronita ay sumigaw, na nagsasabi, Kanilang dinala sa
atin ang kaban ng Dios ng Israel, upang patayin tayo at ang
ating bayan. 11 Pinasuguan nga nilang magpipisan ang lahat
ng pangulo ng mga Filisteo, at kanilang sinabi, Ipadala ninyo
ang kaban ng Dios ng Israel, at ipabalik ninyo sa kaniyang
sariling dako, upang huwag kaming patayin at ang aming

bayan. Sapagka't nagkaroon ng panglitong ikamamatay sa
buong bayan: ang kamay ng Dios ay totoong bumigat doon.
12 At ang mga lalaking hindi namatay ay nasaktan ng mga
bukol; at ang daing ng bayan ay umabot sa langit.

6 At ang kaban ng Panginoon ay napasa lupain ng mga
Filisteo na pitong buwan. 2 At tinawag ng mga Filisteo
ang mga saserdote at ang mga manghuhula, na sinasabi,
Anong aming gagawin sa kaban ng Panginoon? Ipatalastas
ninyo sa amin kung aming ipadadala sa kaniyang dako. 3
At kanilang sinabi, Kung inyong ipadadala ang kaban ng
Dios ng Israel, ay huwag ninyong ipadalang walang laman;
kundi sa ano pa man ay inyong ibalik siya na may handog
ng dahil sa pagkakasala: kung magkagayo'y gagaling kayo,
at malalaman ninyo kung bakit ang kaniyang kamay ay hindi
humiwalay sa inyo. 4 Nang magkagayo'y kanilang sinabi,
Ano ang handog dahil sa pagkakasala na aming igaganti
sa kaniya? At kanilang sinabi, Limang gintong bukol, at
limang gintong daga ayon sa bilang ng mga pangulo ng mga
Filisteo; sapagka't iisang salot ang napasa inyong lahat,
at napasa inyong mga pangulo. 5 Kaya't kayo'y gagawa
ng mga larawan ng inyong mga bukol, at mga larawan ng
inyong mga daga na sumira ng lupain, at inyong bibigyan ng
kaluwalhatian ang Dios ng Israel: baka sakaling kaniyang
gaanan ang kaniyang kamay sa inyo, at sa inyong mga dios,
at sa inyong lupain. 6 Bakit nga ninyo pinapagmamatigas ang
inyong puso, na gaya ng mga taga Egipto at ni Faraon na
pinapagmatigas ang kanilang puso? Nang siya'y makagawa
ng kahangahanga sa kanila, di ba nila pinayaon ang bayan,
at sila'y yumaon? 7 Ngayon nga'y kumuha kayo at maghanda
kayo ng isang bagong karo, at dalawang bagong bakang
gatasan, na hindi napatungan ng pamatok; at ikabit ninyo
ang mga baka sa karo, at iuwi ninyo ang kanilang mga
guya. 8 At kunin ninyo ang kaban ng Panginoon, at isilid
ninyo sa karo; at isilid ninyo sa isang kahang nasa tabi
niyaon ang mga hiyas na ginto na inyong ibabalik sa kaniya
na pinakahandog dahil sa pagkakasala; at inyong ipadala
upang yumaon. 9 At tingnan ninyo; kung umahon sa daan
ng kaniyang sariling hangganan sa Beth-semes, ginawa
nga niya sa atin ang malaking kasamaang ito: nguni't kung
hindi, malalaman nga natin na hindi kaniyang kamay ang
nanakit sa atin; isang pagkakataong nangyari sa atin. 10 At
ginawang gayon ng mga lalake, at kumuha ng dalawang
bagong bakang gatasan, at mga ikinabit sa karo, at kinulong
ang kanilang mga guya sa bahay: 11 At kanilang inilagay
ang kaban ng Panginoon sa karo, at ang kaha na may mga
dagang ginto at mga larawan ng kanilang mga bukol. 12
At tinuwid ng mga baka ang daan sa Beth-semes; sila'y
nagpatuloy sa lansangan, na umuungal habang yumayaon,
at hindi lumiko sa kanan o sa kaliwa; at ang mga pangulo ng
mga Filisteo ay sumunod sa kanila hanggang sa hangganan
ng Beth-semes. 13 At silang mga Beth-semita ay umaani
ng kanilang trigo sa libis: at kanilang itiningin ang kanilang
mga mata, at nakita ang kaban, at nangagalak sa pagkakita
niyaon. 14 At ang karo ay pumasok sa bukid ni Josue na
Beth-semita, at tumayo roon, sa kinaroroonan ng isang
malaking bato: at kanilang biniyak ang kahoy ng karo, at
inihandog sa Panginoon ang mga baka na pinakahandog
na susunugin. 15 At ibinaba ng mga Levita ang kaban ng
Panginoon, at ang kaha na kasama niyaon, na may silid
na mga hiyas na ginto, at mga ipinatong sa malaking bato
at ang mga lalake sa Beth-semes ay naghandog ng mga
handog na susunugin at naghain ng mga hain ng araw ding
yaon sa Panginoon. 16 At nang makita ng limang pangulo
ng mga Filisteo, ay bumalik sa Ecron nang araw ding yaon.
17 At ito ang mga bukol na ginto na ibinalik ng mga Filisteo
sa Panginoon na pinakahandog dahil sa pagkakasala: sa
Asdod ay isa, sa Gaza ay isa, sa Ascalon ay isa, sa Gath ay
isa, sa Ecron ay isa; 18 At ang mga dagang ginto, ayon sa
bilang ng lahat ng mga bayan ng mga Filisteo na nauukol sa
limang pangulo, ng mga bayan na nakukutaan at gayon din
ng mga nayon sa parang; sa makatuwid baga'y hanggang
sa malaking bato na kanilang pinagbabaan ng kaban ng
Panginoon, na ang batong yaon ay namamalagi hanggang
sa araw na ito sa bukid ni Josue na Beth-semita. 19 At
sumakit ang Dios sa mga tao sa Beth-semes, sapagka't
kanilang tiningnan ang loob ng kaban ng Panginoon, sa
makatuwid baga'y pumatay siya sa bayan ng pitong pung
lalake at limang pung libong tao. At ang bayan ay nanaghoy,
sapagka't sinaktan ng Panginoon ang bayan ng di kawasang
pagpatay. 20 At ang mga lalake sa Beth-semes ay nagsabi,
Sino ang makatatayo sa harap ng Panginoon, dito sa banal
na Dios? at sino ang kaniyang sasampahin mula sa atin?
21 At sila'y nagsugo ng mga sugo sa mga tumatahan sa
Chiriath-jearim, na nagsasabi, Ibinalik ng mga Filisteo ang
kaban ng Panginoon; kayo'y magsilusong at iahon ninyo sa
inyo.

7 At ang mga lalake sa Chiriath-jearim ay nagsiparoon, at
iniahon ang kaban ng Panginoon, at dinala sa bahay ni
Abinadab sa burol, at pinapagbanal si Eleazar na kaniyang
anak, upang ingatan ang kaban ng Panginoon. 2 At nangyari,
mula nang araw na itahan ang kaban sa Chiriath-jearim, na
ang panahon ay nagtatagal; sapagka't naging dalawang pung
taon; at ang buong sangbahayan ng Israel ay tumaghoy sa
Panginoon. 3 At nagsalita si Samuel sa buong sangbahayan
ng Israel, na nagsasabi, Kung kayo'y babalik sa Panginoon
ng buo ninyong puso ay inyo ngang alisin sa inyo ang
mga dios na iba, at ang mga Astaroth, at ihanda ninyo
ang inyong mga puso sa Panginoon, at sa kaniya lamang

kayo maglingkod; at ililigtas niya kayo sa kamay ng mga
Filisteo. 4 Nang magkagayo'y inalis ng mga anak ni Israel
ang mga Baal at ang mga Astaroth, at sa Panginoon lamang
naglingkod. 5 At sinabi ni Samuel, Pisanin ninyo ang buong
Israel sa Mizpa at idadalangin ko kayo sa Panginoon. 6 At
sila'y nagtitipon sa Mizpa, at nagsiigib ng tubig, at ibinuhos sa
harap ng Panginoon, at nagsipagayuno nang araw na yaon,
at nangagsabi, Kami ay nangagkasala laban sa Panginoon.
At naghukom si Samuel sa mga anak ni Israel sa Mizpa. 7
At nang mabalitaan ng mga Filisteo na ang mga anak ni
Israel ay nagtitipon sa Mizpa, nagsiahon laban sa Israel
ang mga pangulo ng mga Filisteo. At nang mabalitaan ng
mga anak ni Israel, ay nangatakot sa mga Filisteo. 8 At
sinabi ng mga anak ni Israel kay Samuel, Huwag kang
tumigil ng kadadalangin sa Panginoon nating Dios, ng dahil
sa atin, upang iligtas niya tayo sa kamay ng mga Filisteo.
9 At kumuha si Samuel ng isang korderong pasusuhin,
at inihandog na pinaka buong handog na susunugin sa
Panginoon: at dumaing si Samuel sa Panginoon dahil sa
Israel; at ang Panginoon ay sumagot sa kaniya. 10 At
samantalang si Samuel ay naghahandog ng handog na
susunugin, ay lumapit ang mga Filisteo upang makipagbaka
laban sa Israel; nguni't ang Panginoon ay nagpakulog ng
isang malakas na kulog nang araw na yaon sa mga Filisteo,
at nilito sila; at sila'y nangabuwal sa harap ng Israel. 11 At
ang mga lalake sa Israel ay nagsilabas sa Mizpa, at hinabol
ang mga Filisteo, at sinaktan sila, hanggang sa nagsidating
sila sa Beth-car. 12 Nang magkagayo'y kumuha si Samuel
ng isang bato, at inilagay sa pagitan ng Mizpa at ng Sen, at
tinawag ang pangalan niyaon na Ebenezer, na sinasabi,
Hanggang dito'y tinulungan tayo ng Panginoon. 13 Sa gayo'y
nagsisuko ang mga Filisteo, at hindi na sila pumasok pa
sa hangganan ng Israel: at ang kamay ng Panginoon ay
laban sa Filisteo lahat ng mga araw ni Samuel. 14 At ang
mga bayan na sinakop ng mga Filisteo sa Israel ay nasauli
sa Israel, mula sa Ecron hanggang sa Gath; at ang mga
hangganan niyaon ay pinapaging laya ng Israel sa kamay
ng mga Filisteo. At nagkaroon ng kapayapaan sa pagitan
ng Israel at ng mga Amorrheo. 15 At hinatulan ni Samuel
ang Israel lahat ng mga araw ng kaniyang buhay. 16 At
siya'y naparoon na lumigid taon-taon sa Beth-el, at sa
Gilgal, at sa Mizpa; at hinatulan niya ang Israel sa lahat ng
mga dakong yaon. 17 At ang kaniyang balik ay sa Rama,
sapagka't nandoon ang kaniyang bahay; at doo'y hinatulan
niya ang Israel: at siya'y nagtayo roon ng isang dambana sa
Panginoon.

**8** At nangyari, nang si Samuel ay matanda na, na kaniyang
ginawang mga hukom sa Israel ang kaniyang mga anak.
2 Ang pangalan nga ng kaniyang panganay ay Joel; at ang
pangalan ng kaniyang ikalawa ay Abia: sila'y mga hukom sa
Beer-seba. 3 At ang kaniyang mga anak ay hindi lumakad
sa kaniyang mga daan, kundi lumingap sa mahalay na
kapakinabangan, at tumanggap ng mga suhol, at sinira
ang paghatol. 4 Nang magkagayo'y nagpipisan ang mga
matanda ng Israel, at naparoon kay Samuel sa Ramatha; 5
At kanilang sinabi sa kaniya, Narito, ikaw ay matanda na,
at ang iyong mga anak ay hindi lumalakad sa iyong mga
daan: ngayon nga'y lagyan mo kami ng isang hari upang
humatol sa amin gaya ng lahat ng mga bansa. 6 Nguni't
hindi minabuti ni Samuel, nang kanilang sabihin, Bigyan mo
kami ng isang hari upang humatol sa amin. At si Samuel ay
nanalangin sa Panginoon. 7 At sinabi ng Panginoon kay
Samuel, Dinggin mo ang tinig ng bayan sa lahat ng kanilang
sinasabi sa iyo; sapagka't hindi ikaw ang kanilang itinakuwil,
kundi itinakuwil nila ako, upang huwag akong maghari sa
kanila. 8 Ayon sa lahat na gawa na kanilang ginawa mula
nang araw na iahon ko sila mula sa Egipto hanggang sa
araw na ito, sa kanilang pagiiwan sa akin, at paglilingkod
sa ibang mga dios ay gayon ang ginagawa nila sa iyo. 9
Ngayon nga'y dinggin mo ang kanilang tinig: gayon ma'y
tatanggi kang mainam sa kanila, at ipakikilala mo sa kanila
ang paraan ng hari na maghahari sa kanila. 10 At isinaysay
ni Samuel ang buong salita ng Panginoon sa bayan na
humihingi sa kaniya ng isang hari. 11 At kaniyang sinabi,
Ito ang magiging paraan ng hari na maghahari sa inyo:
kaniyang kukunin ang inyong mga anak at kaniyang ilalagay
sa kaniyang mga karo, at upang maging mga mangangabayo
niya; at sila'y tatakbo sa unahan ng kaniyang mga karo;
12 At kaniyang mga ihahalal sa kaniya na mga kapitan ng
lilibuhin at mga kapitan ng lilimangpuin; at ang iba ay upang
umararo ng kaniyang lupa, at umani ng kaniyang aanihin, at
upang gumawa ng kaniyang mga sangkap na pangdigma, at
sangkap sa kaniyang mga karo. 13 At kaniyang kukunin ang
inyong mga anak na babae upang maging mga manggagawa
ng pabango, at maging mga tagapagluto, at maging mga
magtitinapay. 14 At kaniyang kukunin ang inyong mga bukid,
at ang inyong mga ubasan, at ang inyong mga olibohan, sa
makatuwid baga'y ang pinakamabuti sa mga yaon, upang
mga ibigay sa kaniyang mga lingkod. 15 At kaniyang kukunin
ang ika-sangpung bahagi ng inyong binhi, at ng inyong mga
ubasan, at ibibigay sa kaniyang mga punong kawal, at sa
kaniyang mga lingkod. 16 At kaniyang kukunin ang inyong
mga aliping lalake at babae, at ang inyong pinakamabuting
bataan, at ang inyong mga asno, at mga ilalagay sa kaniyang
mga gawain. 17 Kaniyang kukunin ang ikasangpung bahagi
ng inyong mga kawan: at kayo'y magiging kaniyang mga
lingkod. 18 At kayo'y dadaing sa araw na yaon, dahil sa
inyong hari na inyong pipiliin; at hindi kayo sasagutin ng

Panginoon sa araw na yaon. 19 Nguni't tinanggihang dinggin
ng bayan ang tinig ni Samuel; at kanilang sinabi, Hindi;
kundi magkakaroon kami ng hari sa amin; 20 Upang kami
naman ay maging gaya ng lahat ng mga bansa, at upang
hatulan kami ng aming hari, at lumabas sa unahan namin,
at ipakipaglaban ang aming pakikipagbaka. 21 At narinig
ni Samuel ang lahat ng mga salita ng bayan, at kaniyang
mga isinaysay sa pakinig ng Panginoon. 22 At sinabi ng
Panginoon kay Samuel, Dinggin mo ang kanilang tinig at
lagyan mo sila ng hari. At sinabi ni Samuel sa mga tao
sa Israel, Yumaon ang bawa't isa sa inyo sa kanikaniyang
bayan.

**9** May isang lalake nga sa Benjamin, na ang pangala'y Cis,
na anak ni Abiel, na anak ni Seor, na anak ni Bechora,
na anak ni Aphia, na anak ng isang Benjamita, na isang
makapangyarihang lalake na may tapang. 2 At siya'y may
isang anak na lalake, na ang pangala'y Saul, isang bata
at makisig: at sa mga anak ni Israel ay walang lalong
makisig na lalake kay sa kaniya: mula sa kaniyang mga
balikat at hanggang sa paitaas ay lalong mataas siya kay
sa sinoman sa bayan. 3 At ang mga asno ni Cis na ama
ni Saul ay nawala. At sinabi ni Cis kay Saul na kaniyang
anak, Ipagsama mo ngayon ang isa sa mga bataan, at
ikaw ay tumindig, at hanapin mo ang mga asno. 4 At siya'y
nagdaan sa lupaing maburol ng Ephraim, at nagdaan sa
lupain ng Salisa, nguni't hindi nila nangasumpungan: nang
magkagayo'y nagdaan sila sa lupain ng Saalim, at wala
roon: at sila'y nagdaan sa lupain ng mga Benjamita, nguni't
hindi nila nangasumpungan doon. 5 Nang sila'y dumating sa
lupain ng Suph, ay sinabi ni Saul sa kaniyang bataan na
kasama niya, Halina at bumalik tayo, baka walaing bahala
ng aking ama ang mga asno at ang alalahanin ay tayo. 6
At sinabi niya sa kaniya, Narito, may isa ngang lalake ng
Dios sa bayang ito, at siya'y isang lalaking may dangal;
lahat ng kaniyang sinasabi ay tunay na nangyayari: ngayo'y
pumaroon tayo; marahil ay masasaysay niya sa atin ang
tungkol sa ating paglalakbay kung saan tayo paroroon.
7 Nang magkagayo'y sinabi ni Saul sa kaniyang bataan,
Nguni't narito, kung tayo'y pumaroon, ano ang ating dadalhin
sa lalake? sapagka't naubos na ang tinapay sa ating mga
buslo, at wala na tayong madadalang kaloob sa lalake ng
Dios: anong mayroon tayo? 8 At sumagot uli ang bataan kay
Saul, at nagsabi, Narito, mayroon ako sa aking kamay na
ikaapat na bahagi ng isang siklong pilak: iyan ang aking
ibibigay sa lalake ng Dios, upang saysayin sa atin ang ating
paglalakbay. 9 (Nang una sa Israel, pagka ang isang lalake
ay mag-uusisa sa Dios, ay ganito ang sinasabi, Halika,
at tayo'y pumaroon sa tagakita: sapagka't yaon ngang
tinatawag na Propeta ngayon ay tinatawag nang una na
Tagakita.) 10 Nang magkagayo'y sinabi ni Saul sa kaniyang
bataan, Mabuti ang sinasabi mo; halika, tayo'y pumaroon. Sa
gayo'y naparoon sila sa bayang kinaroroonan ng lalake ng
Dios. 11 Samantalang inaahon nila ang ahunan sa bayan ay
nakasalubong sila ng mga dalagang lumalabas upang umigib
ng tubig, at sinabi nila sa kanila, Narito ba ang tagakita?
12 At sila'y sumagot sa kanila, at nagsabi, Siya'y nariyan,
narito, nasa unahan mo: magmadali kayo ngayon, sapagka't
siya'y naparoon ngayon sa bayan; sapagka't ang bayan
ay may hain ngayon sa mataas na dako. 13 Pagkapasok
ninyo sa bayan, ay agad masusumpungan ninyo siya, bago
siya umahon sa mataas na dako upang kumain; sapagka't
ang bayan ay hindi kakain hanggang sa siya'y dumating,
sapagka't kaniyang binabasbasan ang hain; at pagkatapos
ay kumakain ang mga inanyayahan. Kaya nga umahon kayo;
sapagka't sa oras na ito'y inyong masusumpungan siya. 14
At sila'y umahon sa bayan; at pagpasok nila sa bayan, narito,
si Samuel ay nasasalubong nila, na papaahon sa mataas na
dako. 15 Inihayag nga ng Panginoon kay Samuel isang araw
bago si Saul ay naparoon, na sinasabi, 16 Bukas sa ganitong
oras ay susuguin ko sa iyo ang isang lalake na mula sa
lupain ng Benjamin, at iyong papahiran siya ng langis upang
maging pangulo sa aking bayang Israel; at kaniyang ililigtas
ang aking bayan sa kamay ng mga Filisteo: sapagka't aking
tiningnan ang aking bayan, dahil sa ang kanilang daing ay
sumapit sa akin. 17 At nang makita ni Samuel si Saul, ay
sinabi ng Panginoon sa kaniya, Narito ang lalake na aking
sinalita sa iyo! ito nga ang magkakaroon ng kapangyarihan
sa aking bayan. 18 Nang magkagayo'y lumapit si Saul kay
Samuel sa pintuang-bayan, at sinabi, Isinasamo ko sa iyo
na saysayin mo sa akin, kung saan nandoon ang bahay ng
tagakita. 19 At sumagot si Samuel kay Saul, at nagsabi, Ako
ang tagakita; umahon kang magpauna sa akin sa mataas
na dako, sapagka't kakain kang kasalo ko ngayon: at sa
kinaumagahan ay payayaunin kita, at sasaysayin ko sa
iyo ang lahat na nasa loob mo. 20 At tungkol sa iyong
mga asno na may tatlong araw ng nawawala ay huwag
mong alalahanin; sapagka't nasumpungan na. At kanino ang
buong pagnanasa sa Israel? Hindi ba sa iyo, at sa buong
sangbahayan ng iyong ama? 21 At si Saul ay sumagot, at
nagsabi, Hindi ba ako Benjamita, sa pinakamaliit na lipi ng
Israel? at ang aking angkan ang pinakamababa sa mga
angkan ng lipi ng Benjamin? bakit nga nagsasalita ka sa akin
ng ganitong paraan? 22 At ipinagsama ni Samuel si Saul at
ang kaniyang bataan, at ipinasok niya sila sa kabahayan,
at pinaupo sila sa pinakapangulong dako sa gitna niyaong
mga naanyayahan, na may tatlong pung katao. 23 At sinabi
ni Samuel sa tagapagluto, Dalhin mo rito ang bahagi na
ibinigay ko sa iyo, na siyang aking sinabi sa iyo, Ilagay mo

ito sa iyo. 24 At itinaas nga ng tagapagluto ang hita, at yaong
nakapatong, at inilagay sa harap ni Saul. At sinabi ni Samuel,
Narito, siya ngang itinago! ilagay mo sa harap mo at iyong
kanin; sapagka't iningatan sa takdang panahon na ukol sa
iyo, sapagka't aking sinabi, Aking inanyayahan ang bayan.
Sa gayo'y kumain si Saul na kasalo ni Samuel nang araw
na yaon. 25 At nang sila'y makalusong sa bayan mula sa
mataas na dako, siya'y nakipagpulong kay Saul sa bubungan
ng bahay. 26 At sila'y bumangong maaga: at nangyari sa
pagbubukang liwayway, na tinawag ni Samuel si Saul sa
bubungan, na sinasabi, Bangon, upang mapagpaalam kita.
At si Saul ay bumangon, at lumabas kapuwa sila, siya at
si Samuel. 27 At nang sila'y lumalabas sa hangganan ng
bayan, ay sinabi ni Samuel kay Saul, Sabihin mo sa bataang
magpauna sa atin (at siya'y nagpauna, ) nguni't tumigil ka sa
oras na ito, upang maiparinig ko sa iyo ang salita ng Dios.

**10** Nang magkagayo'y kinuha ni Samuel ang sisidlan ng
langis, at ibinuhos sa ulo niya, at hinagkan niya siya,
at sinabi, Hindi ba ang Panginoon ang nagpahid sa iyo ng
langis upang maging prinsipe ka sa kaniyang mana? 2
Paghiwalay mo sa akin ngayon, ay masusumpungan mo
nga ang dalawang lalake sa siping ng libingan ni Rachel, sa
hangganan ng Benjamin sa Selsah; at sasabihin nila sa iyo,
Ang mga asno na iyong hinahanap ay nasumpungan na; at,
narito, niwalang bahala ng iyong ama ang mga asno, at ang
inaalaala ay kayo, na sinasabi, Paano ang aking gagawin sa
aking anak? 3 Kung magkagayo'y magpapatuloy ka mula
roon, at darating ka sa ensina ng Tabor; at masasalubong ka
roon ng tatlong lalake na inaahon ang Dios sa Beth-el, ang
isa'y may dalang tatlong batang kambing, at ang isa'y may
dalang tatlong tinapay, at ang isa'y may dalang isang balat
na sisidlan ng alak: 4 At babatiin ka nila, at bibigyan ka ng
dalawang tinapay, na iyong tatanggapin sa kanilang kamay.
5 Pagkatapos ay darating ka sa burol ng Dios, na nandoon
ang isang pulutong ng mga Filisteo: at mangyayari pagdating
mo roon sa bayan, na makakasalubong ka ng isang pulutong
na mga propeta na lumulusong mula sa mataas na dako, na
may salterio, at pandereta, at flauta, at alpa sa harap nila; at
sila'y magsisipanghula. 6 At ang Espiritu ng Panginoon ay
makapangyarihang sasaiyo, at manghuhula kang kasama
nila, at ikaw ay magiging ibang lalake. 7 At mano nawa, na
pagka ang mga tandang ito ay mangyari sa iyo, na gawin
mo ang idudulot ng pagkakataon; sapagka't ang Dios ay
sumasaiyo. 8 At ikaw ay lulusong na una sa akin sa Gilgal; at,
narito, lulusungin kita, upang maghandog ng mga handog na
susunugin, at maghain ng mga hain na mga handog tungkol
sa kapayapaan: pitong araw na maghihintay ka, hanggang
sa ako'y pumaroon sa iyo, at ituro sa iyo kung ano ang
iyong gagawin. 9 At nangyaring gayon, na nang kaniyang
matalikdan na iwan niya si Samuel, ay binigyan siya ng Dios
ng ibang puso: at ang lahat na tandang yaon ay nangyari sa
araw na yaon. 10 At nang sila'y dumating doon sa burol,
narito, isang pulutong na mga propeta ay nasasalubong
niya; at ang Espiritu ng Dios ay makapangyarihang suma
kaniya, at siya'y nanghula sa gitna nila. 11 At nangyari nang
makita siya ng lahat na nakakakilala sa kaniya nang una,
na, narito siya'y nanghuhulang kasama ng mga propeta,
ay nagsalisalitaan ang bayan, Ano itong nangyari sa anak
ni Cis? Si Saul ba ay nasa gitna rin ng mga propeta? 12
At isang taga dakong yaon ay sumagot at nagsabi, At
sino ang kanilang ama? Kaya't naging kawikaan, Si Saul
ba ay nasa gitna rin ng mga propeta? 13 At nang siya'y
makatapos ng panghuhula, siya'y sumampa sa mataas na
dako. 14 At sinabi ng amain ni Saul sa kaniya at sa kaniyang
bataan, Saan kayo naparoon? At kaniyang sinabi, Upang
hanapin ang mga asno, at nang aming makita na hindi
mangasumpungan, ay naparoon kami kay Samuel. 15 At
sinabi ng amain ni Saul, Isinasamo ko sa iyo na saysayin
mo sa akin, kung ano ang sinabi ni Samuel sa inyo. 16 At
sinabi ni Saul sa kaniyang amain, Sinabi niyang maliwanag
sa amin na ang mga asno ay nasumpungan na. Nguni't
tungkol sa bagay ng kaharian, na sinalita ni Samuel, ay
hindi niya isinaysay sa kaniya. 17 At tinipon ni Samuel ang
bayan sa Panginoon sa Mizpa; 18 At sinabi niya sa mga
anak ni Israel, Ganito ang sabi ng Panginoon, ng Dios ng
Israel, Iniahon ko ang Israel mula sa Egipto, at pinapaging
laya ko kayo sa kamay ng mga taga Egipto, at sa kamay
ng lahat ng mga kaharian na pumighati sa inyo: 19 Nguni't
itinakuwil ninyo sa araw na ito ang inyong Dios, na siyang
nagligtas sa inyo sa lahat ng mga inyong kasakunaan at mga
kapighatian; at sinabi ninyo sa kaniya, Hindi, kundi lagyan
mo kami ng isang hari. Ngayon nga'y humarap kayo sa
Panginoon ayon sa inyoinyong mga lipi, at ayon sa inyong
mga libolibo. 20 Sa gayo'y pinalapit ni Samuel ang lahat ng
mga lipi, at ang lipi ni Benjamin ang napili. 21 At kaniyang
inilapit ang lipi ni Benjamin ayon sa kaniyang mga angkan;
at ang angkan ni Matri ay siyang napili; at si Saul na anak ni
Cis, ay siyang napili: nguni't nang kanilang hanapin siya
ay hindi nasumpungan. 22 Kaya't kanilang itinanong uli sa
Panginoon, May lalake pa bang paririto? At ang Panginoon
ay sumagot, Narito siya'y nagtago sa mga kasangkapan. 23
At sila'y tumakbo at kinuha nila siya roon; at nang siya'y
tumayo sa gitna ng bayan, ay mataas siya kay sa sinoman
sa bayan, mula sa kaniyang mga balikat at paitaas. 24 At
sinabi ni Samuel sa buong bayan, Nakikita ba ninyo siya na
pinili ng Panginoon, na walang gaya niya sa buong bayan?
At ang buong bayan ay sumigaw, at nagsabi, Mabuhay ang
hari. 25 Nang magkagayo'y sinaysay ni Samuel sa bayan

ang paraan ng kaharian, at isinulat sa isang aklat, at inilagay sa harap ng Panginoon. At pinayaon ni Samuel ang buong bayan, na pinauwi bawa't tao sa kaniyang bahay. **26** At si Saul man ay umuwi sa kaniyang bahay sa Gabaa; at yumaong kasama niya ang hukbo, na ang kanilang mga kalooban ay kinilos ng Dios. **27** Nguni't sinabi ng ilang hamak na tao, Paanong ililigtas tayo ng taong ito? At kanilang niwalang kabuluhan at hindi nila dinalhan ng kaloob. Nguni't siya'y hindi umimik.

**11** Nang magkagayo'y umahon si Naas na Ammonita at humantong laban sa Jabes-galaad: at sinabi kay Naas ng lahat na lalake sa Jabes, Makipagtipan ka sa amin, at kami ay maglilingkod sa iyo. **2** At sinabi ni Naas na Ammonita sa kanila, Sa ganitong paraan gagawin ko sa inyo, na ang lahat ninyong kanang mata ay dukitin; at aking ilalagay na pinakapintas sa buong Israel. **3** At sinabi ng mga matanda sa Jabes sa kaniya, Bigyan mo kami ng palugit na pitong araw upang kami ay makapagpasugo ng mga sugo sa lahat ng mga hangganan ng Israel; at kung wala ngang magliligtas sa amin, lalabasin ka namin. **4** Nang magkagayo'y pumaroon ang mga sugo sa Gabaa kay Saul at sinalita ang mga salitang ito sa mga pakinig ng bayan: at ang buong bayan ay naglakas ng tinig at umiyak. **5** At, narito, sinusundan ni Saul ang mga baka sa bukid; at sinabi ni Saul, Anong mayroon ang bayan na sila'y umiiyak? At kanilang isinaysay ang mga salita ng mga lalake sa Jabes. **6** At ang Espiritu ng Dios ay makapangyarihan suma kay Saul nang kaniyang marinig ang mga salitang yaon, at ang kaniyang galit ay nagalab na mainam. **7** At siya'y kumuha ng dalawang magkatuwang na baka, at kaniyang kinatay, at ipinadala niya sa lahat ng mga hangganan ng Israel sa pamamagitan ng kamay ng mga sugo, na sinasabi, Sinomang hindi lumabas na sumunod kay Saul at kay Samuel, ay ganyan ang gagawin sa kaniyang mga baka. At ang takot sa Panginoon ay nahulog sa bayan, at sila'y lumabas na parang iisang tao. **8** At binilang niya sila sa Bezec; at ang mga anak ni Israel, ay tatlong daang libo, at ang mga lalake ng Juda ay tatlong pung libo. **9** At sinabi nila sa mga sugo na naparoon, Ganito ang inyong sasabihin sa mga lalake sa Jabes-galaad, Bukas sa kainitan ng araw, ay magtataglay kayo ng kaligtasan. At naparoon ang mga sugo at isinaysay sa mga lalake sa Jabes; at sila'y natuwa. **10** Kaya't sinabi ng mga lalake sa Jabes, Bukas ay lalabasin namin kayo at inyong gagawin sa amin ang lahat na inyong inaakalang mabuti sa inyo. **11** At naging gayon sa kinabukasan, na inilagay ni Saul ang bayan ng tatlong pulutong; at sila'y pumasok sa gitna ng kampamento sa pagbabantay sa kinaumagahan at sinaktan ang mga Ammonita hanggang sa kainitan ng araw: at nangyari, na ang mga nalabi ay nangalat, na anopa't walang naiwang dalawang magkasama. **12** At sinabi ng bayan kay Samuel, Sino yaong nagsasabi, Maghahari ba si Saul sa amin? dalhin dito ang mga taong yaon upang aming patayin sila. **13** At sinabi ni Saul, Walang taong papatayin sa araw na ito; sapagka't ngayo'y gumawa ang Panginoon ng pagliligtas sa Israel. **14** Nang magkagayo'y sinabi ni Samuel sa bayan, Halikayo at tayo'y paroon sa Gilgal, at ating baguhin ang kaharian doon. **15** At ang buong bayan ay naparoon sa Gilgal; at doo'y ginawa nilang hari sa Gilgal si Saul sa harap ng Panginoon; at doo'y naghain sila ng mga hain na mga handog tungkol sa kapayapaan sa harap ng Panginoon; at si Saul at ang lahat ng mga lalake sa Israel ay nagalak na mainam doon.

**12** At sinabi ni Samuel sa buong Israel, Narito, aking dininig ang inyong tinig sa lahat na inyong sinabi sa akin, at naghalal ako ng isang hari sa inyo. **2** At ngayo'y narito, ang hari ay lumalakad sa unahan ninyo; at ako'y matanda na at mauban; at, narito, ang aking mga anak ay kasama ninyo: at ako'y lumakad sa unahan ninyo mula sa aking kabataan hanggang sa araw na ito. **3** Narito ako: sumaksi kayo laban sa akin sa harap ng Panginoon, at sa harap ng kaniyang pinahiran ng langis: kung kaninong baka ang kinuha ko? kung kaninong asno ang kinuha ko? o kung sino ang aking dinaya? kung sino ang aking pinighati? o kung kaninong kamay ako kumuha ng suhol upang bulagin ang aking mga mata niyaon? at aking isasauli sa inyo. **4** At kanilang sinabi, Hindi ka nagdaya sa amin, ni pumighati man sa amin, ni tumanggap man ng anoman sa kamay ng sinoman. **5** At sinabi niya sa kanila, Ang Panginoon ay saksi laban sa inyo at ang kaniyang pinahiran ng langis ay saksi sa araw na ito na hindi kayo nakasumpong ng anoman sa aking kamay. At kanilang sinabi, Siya'y saksi. **6** At sinabi ni Samuel sa bayan, Ang Panginoon ang siyang naghalal kay Moises at kay Aaron, at siyang nagahon sa inyong mga magulang mula sa lupain ng Egipto. **7** Ngayon nga'y tumayo kayo, upang aking maisaysay sa inyo sa harap ng Panginoon ang tungkol sa lahat na matuwid na gawa ng Panginoon, na kaniyang ginawa sa inyo at sa inyong mga magulang. **8** Nang si Jacob ay makapasok sa Egipto, at ang inyong mga magulang ay dumaing sa Panginoon, sinugo nga ng Panginoon si Moises at si Aaron, na siyang nagsipaglabas sa inyong mga magulang mula sa Egipto, at pinatira sila sa dakong ito. **9** Nguni't nilimot nila ang Panginoon nilang Dios; at ipinagbili niya sila sa kamay ng Sisara, na kapitan ng hukbo ni Azor, at sa kamay ng mga Filisteo, at sa kamay ng hari sa Moab; at sila'y nakipaglaban sa kanila. **10** At sila'y dumaing sa Panginoon at nagsabi, Kami ay nagkasala, sapagka't pinabayaan namin ang Panginoon at naglingkod kami sa mga Baal at sa mga

Astaroth: nguni't ngayo'y palayain mo kami sa kamay ng
aming mga kaaway, at kami ay maglilingkod sa iyo. 11
At sinugo ng Panginoon si Jerobaal, at si Bedan, at si
Jephte, at si Samuel, at pinapaging laya ko sa kamay ng
inyong mga kaaway sa bawa't dako, at kayo'y tumahang
tiwasay. 12 At nang makita ninyo na si Naas na hari ng
mga anak ni Ammon ay naparito laban sa inyo, ay inyong
sinabi sa akin, Hindi, kundi isang hari ang maghahari sa
amin; dangang ang Panginoon ninyong Dios ay siya ninyong
hari. 13 Ngayon nga'y masdan ninyo ang hari na inyong
pinili, at siya ninyong hiningi: at, narito, nilagyan kayo ng
Panginoon ng isang hari sa inyo. 14 Kung kayo'y matatakot
sa Panginoon, at maglilingkod sa kaniya, at makikinig sa
kaniyang tinig, at hindi manghihimagsik laban sa utos ng
Panginoon, at kayo at gayon din ang hari na naghahari sa
inyo ay maging masunurin sa Panginoon ninyong Dios, ay
mabuti: 15 Nguni't kung hindi ninyo didinggin ang tinig ng
Panginoon, kundi manghihimagsik kayo laban sa utos ng
Panginoon, ay magiging laban nga sa inyo ang kamay ng
Panginoon gaya sa inyong mga magulang. 16 Ngayon nga'y
tumahimik kayo at tingnan ninyo itong dakilang bagay na
gagawin ng Panginoon sa harap ng inyong mga mata. 17
Hindi ba pagaani ng trigo sa araw na ito? Ako'y tatawag
sa Panginoon, na siya'y magpapasapit ng kulog at ulan;
at inyong malalaman at makikita na ang inyong kasamaan
ay dakila, na inyong ginawa sa paningin ng Panginoon sa
paghingi ninyo ng isang hari. 18 Sa gayo'y tumawag si
Samuel sa Panginoon; at ang Panginoon ay nagpasapit
ng kulog at ulan ng araw na yaon: at ang buong bayan ay
natakot na mainam sa Panginoon at kay Samuel. 19 At
sinabi ng buong bayan kay Samuel, Ipanalangin mo ang
iyong mga lingkod sa Panginoon mong Dios, upang huwag
kaming mamatay; sapagka't aming idinagdag sa lahat ng
aming mga kasalanan ang kasamaang ito, na humingi kami
para sa amin ng isang hari. 20 At sinabi ni Samuel sa
bayan, Huwag kayong matakot: tunay na inyong ginawa ang
buong kasamaang ito; gayon ma'y huwag kayong lumihis ng
pagsunod sa Panginoon, kundi kayo'y maglingkod ng buong
puso sa Panginoon. 21 At huwag kayong lumiko; sapagka't
kung gayo'y susunod kayo sa mga walang kabuluhang bagay
na hindi ninyo mapapakinabangan o makapagpapalaya
man, sapagka't mga walang kabuluhan. 22 Sapagka't hindi
pababayaan ng Panginoon ang kaniyang bayan dahil sa
kaniyang dakilang pangalan, sapagka't kinalulugdan ng
Panginoon na gawin kayong bayan niya. 23 Saka sa ganang
akin, malayo nawang sa akin na ako'y magkasala laban
sa Panginoon sa paglilikat ng pananalangin dahil sa inyo:
kundi ituturo ko sa inyo ang mabuti at matuwid na daan. 24
Matakot lamang kayo sa Panginoon, at maglingkod kayo
sa kaniya sa katotohanan ng inyong buong puso; dilidilihin
nga ninyo kung gaanong dakilang mga bagay ang kaniyang
ginawa sa inyo. 25 Nguni't kung kayo'y mamamalaging
gagawa ng kasamaan, kayo'y malilipol, kayo at gayon din
ang inyong hari.

13 Si Saul ay may (apat na pung) taong gulang nang
siya'y magpasimulang maghari; at siya'y nagharing
dalawang taon sa Israel. 2 At pumili si Saul para sa kaniya
ng tatlong libong lalake sa Israel, na ang dalawang libo
ay kasama ni Saul sa Michmas at sa bundok ng Bethel,
at ang isang libo ay kasama ni Jonathan sa Gabaa ng
Benjamin: at ang labis ng bayan ay sinugo niya bawa't isa sa
kaniyang tolda. 3 At sinaktan ni Jonathan ang pulutong ng
mga Filisteo na nasa Geba; at nabalitaan ng mga Filisteo. At
hinipan ni Saul ang pakakak sa buong lupain, na sinasabi,
Marinig ng mga Hebreo. 4 At narinig nga ng buong Israel ng
sabihin na sinaktan ni Saul ang pulutong ng mga Filisteo,
at ang Israel naman ay naging kasuklam-suklam sa mga
Filisteo. At ang bayan ay nagpipisan na sumunod kay Saul
sa Gilgal. 5 At ang mga Filisteo ay nagpupulong upang
lumaban sa Israel, tatlong pung libong karo, at anim na
libong mangangabayo, at ang bayan na gaya ng buhangin
na nasa baybayin ng dagat sa karamihan: at sila'y umahon
at humantong sa Michmas sa dakong silanganan ng Beth-
aven. 6 Nang makita ng mga lalake ng Israel na sila'y nasa
kagipitan, (sapagka't ang bayan ay napipighati) ang bayan
nga ay nagkubli sa mga yungib, at sa mga tinikan, at sa mga
bato, at sa mga katibayan, at sa mga hukay. 7 Ang iba nga
sa mga Hebreo ay tumawid sa Jordan na patungo sa lupain
ng Gad, at ng Galaad; nguni't si Saul ay nasa Gilgal siya, at
ang buong bayan ay sumunod sa kaniya na nanginginig. 8 At
siya'y naghintay ng pitong araw, ayon sa takdang panahon
na itinakda ni Samuel: nguni't si Samuel ay hindi naparoon
sa Gilgal; at ang bayan ay nangangalat sa kaniya. 9 At sinabi
ni Saul, Dalhin dito sa akin ang handog na susunugin, at ang
handog tungkol sa kapayapaan. At kaniyang inihandog ang
handog na susunugin. 10 At nangyari, na pagkatapos niyang
maihandog ang handog na susunugin, narito, si Samuel
ay dumating; at lumabas si Saul na sinalubong siya upang
bumati sa kaniya. 11 At sinabi ni Samuel, Ano ang iyong
ginawa? At sinabi ni Saul, Sapagka't aking nakita na ang
bayan ay nangangalat sa akin, at hindi ka dumarating sa
mga takdang araw, at ang mga Filisteo ay nagpupulong sa
Michmas; 12 Kaya aking sinabi, Ngayo'y lulusungin ako ng
mga Filisteo sa Gilgal, at hindi ko pa naipamamanhik ang
kagalingan sa Panginoon: ako'y nagpumilit nga at inihandog
ko ang handog na susunugin. 13 At sinabi ni Samuel kay
Saul, Gumawa kang may kamangmangan; hindi mo ginanap
ang utos ng Panginoon mong Dios na iniutos niya sa iyo:

sapagka't itinatag sana ng Panginoon ang kaniyang kaharian
sa Israel magpakailan man. **14** Nguni't ngayon ay hindi
matutuloy ang iyong kaharian: ang Panginoo'y humanap
para sa kaniya ng isang lalaking ayon sa kaniyang sariling
puso, at inihalal ng Panginoon siya na maging prinsipe sa
kaniyang bayan, sapagka't hindi mo ginanap ang iniutos ng
Panginoon sa iyo. **15** At bumangon si Samuel at umahon
siya mula sa Gilgal hanggang sa Gabaa ng Benjamin. At
binilang ni Saul ang bayan na nakaharap sa kaniya, na
may anim na raang lalake. **16** At si Saul, at si Jonathan
na kaniyang anak, at ang bayan na nakaharap sa kanila,
ay tumigil sa Geba ng Benjamin: nguni't ang mga Filisteo
ay humantong sa Michmas. **17** At ang mga mananamsam
ay lumabas na tatlong pulutong sa kampamento ng mga
Filisteo; ang isang pulutong ay lumiko sa daan na patungo
sa Ophra, na patungo sa lupain ng Sual: **18** At ang isang
pulutong ay lumiko sa daan na patungo sa Beth-horon at
ang isang pulutong ay lumiko sa daan ng hangganan na
humaharap na palusong sa libis ng Seboim sa dakong ilang.
**19** Wala ngang panday na masumpungan sa buong lupain
ng Israel: sapagka't sinasabi ng mga Filisteo, Baka ang
mga Hebreo ay igawa nila ng mga tabak o mga sibat: **20**
Nguni't nilusong ng lahat ng mga taga Israel ang mga Filisteo
upang ihasa ng bawa't lalake ang kaniyang pangararo,
at ang kaniyang asarol, at ang kaniyang palakol, at ang
kaniyang piko; **21** Gayon ma'y mayroon silang pangkikil
sa mga piko at sa mga asarol, at sa mga kalaykay, at sa
mga palakol, at upang ipang-hasa ng mga panundot. **22** Sa
gayo'y nangyari, na sa araw ng pagbabaka, ay wala kahit
tabak o sibat mang masumpungan sa kamay ng sinoman sa
bayan na kasama ni Saul at ni Jonathan: kundi si Saul at si
Jonathan na kaniyang anak ang kinasumpungan lamang. **23**
At ang pulutong ng mga Filisteo ay lumabas na napatungo
sa daanan ng Michmas.

**14** Nangyari nga isang araw, na si Jonathan na anak ni
Saul ay nagsabi sa bataan na tagadala ng kaniyang
sandata, Halika at tayo'y dumaan sa pulutong ng mga
Filisteo, na nasa dakong yaon. Nguni't hindi niya ipinagbigay
alam sa kaniyang ama. **2** At tumigil si Saul sa kaduluduluhang
bahagi ng Gabaa sa ilalim ng puno ng granada na nasa
Migron: at ang bayan na nasa kaniya ay may anim na raang
lalake. **3** At si Achias na anak ni Achitob, na kapatid ni
Ichabod, na anak ni Phinees, na anak ni Eli, na saserdote
ng Panginoon sa Silo, ay nagsusuot ng epod. At hindi
nalalaman ng bayan na si Jonathan ay yumaon. **4** At sa
pagitan ng mga daanan, na pinagsikapan ni Jonathan na
pagdaanan ng pulutong ng mga Filisteo, ay mayroong isang
tila tukang bato sa isang dako at isang tila tukang bato sa
kabilang dako: at ang pangalan ng isa ay Boses at ang
pangalan niyaon isa ay Sene. **5** Ang isang tila tuka ay pataas
sa hilagaan sa tapat ng Michmas, at ang isa ay sa timugan
sa tapat ng Gabaa. **6** At sinabi ni Jonathan sa bataan na
tagadala ng kaniyang sandata: Halika at tayo ay dumaan sa
pulutong ng mga hindi tuling ito: marahil ang Panginoon ay
tutulong sa atin: sapagka't hindi maliwag sa Panginoon na
magligtas sa pamamagitan ng marami o ng kaunti. **7** At
sinabi sa kaniya ng tagadala niya ng sandata, Gawin mo
ang buong nasa loob mo: lumiko ka, narito, ako'y sumasa
iyo ayon sa nasa loob mo. **8** Nang magkagayo'y sinabi ni
Jonathan, Narito, tayo'y dumaan sa mga lalaking yaon, at
tayo'y pakikilala sa kanila. **9** Kung kanilang sabihing ganito
sa atin, Kayo'y maghintay hanggang sa kami ay dumating
sa inyo; ay maghihintay nga tayo sa ating dako at hindi
natin aahunin sila. **10** Nguni't kung kanilang sabihing ganito,
Ahunin ninyo kami; aahon nga tayo: sapagka't ibinigay sila
ng Panginoon sa ating kamay: at ito ang magiging tanda sa
atin. **11** At kapuwa nga sila napakilala sa pulutong ng mga
Filisteo: at sinabi ng mga Filisteo: Narito, ang mga Hebreo
na lumabas sa mga hukay na kanilang pinagtaguan. **12** At
sumagot ang mga lalake sa pulutong kay Jonathan at sa
kaniyang tagadala ng sandata, at sinabi, Ahunin ninyo kami,
at pagpapakitaan namin kayo ng isang bagay. At sinabi ni
Jonathan sa kaniyang tagadala ng sandata, Umahon ka na
kasunod ko: sapagka't ibinigay sila ng Panginoon sa kamay
ng Israel. **13** At gumapang si Jonathan ng kaniyang mga
kamay at ng kaniyang mga paa, at ang kaniyang tagadala
ng sandata ay kasunod niya. At sila'y nangabuwal sa harap
ni Jonathan; at ang mga yao'y pinagpapatay ng kaniyang
tagadala ng sandata na kasunod niya. **14** At yaon ang unang
pagpatay na ginawa ni Jonathan at ng kaniyang tagadala ng
sandata, sa may dalawang pung lalake, sa may pagitan ng
kalahating akre ng lupa. **15** At nagkaroon ng panginginig sa
kampamento, sa parang, at sa buong bayan: ang pulutong
at ang mga mananamsam ay nagsipanginig din; lumindol; sa
gayo'y nagkaroon ng totoong malaking pagkayanig. **16** At
ang mga bantay ni Saul sa Gabaa ng Benjamin ay tumanaw;
at, narito, ang karamihan ay nawawala at sila'y nagparoo't
parito. **17** Nang magkagayo'y sinabi ni Saul sa bayan na
kasama niya, Magbilang kayo ngayon at inyong tingnan
kung sino ang umalis sa atin. At nang sila'y magbilang,
narito, si Jonathan at ang kaniyang tagadala ng sandata ay
wala roon. **18** At sinabi ni Saul kay Achias, Dalhin ninyo
rito ang kaban ng Dios. Sapagka't ang kaban ng Dios ay
nandoon nang panahong yaon sa mga anak ni Israel. **19** At
nangyari, samantalang nagsasalita si Saul sa saserdote,
na ang kaingay na nasa kampamento ng mga Filisteo ay
lumala ng lumala: at sinabi ni Saul sa saserdote, Iurong mo
ang iyong kamay. **20** At nagpipisan si Saul at ang buong

bayan na nasa kaniya at naparoon sa pakikibaka: at, narito, ang tabak ng bawa't isa ay laban sa kaniyang kasama, at nagkaroon ng malaking pagkalito. **21** Ang mga Hebreo nga na napasa mga Filisteo nang una, na umahong kasama nila sa kampamento mula sa palibot ng lupain, ay nagsibalik pa rin na nakipisan sa mga Israelita na kasama ni Saul at ni Jonathan. **22** Gayon din ang mga lalake sa Israel na nagsikubli sa lupaing maburol ng Ephraim, na nang kanilang mabalitaan na ang mga Filisteo ay tumakas, ay nakihabol pati sila sa kanila sa pakikipagbaka. **23** Gayon iniligtas ng Panginoon ang Israel nang araw na yaon: at ang pagbabaka ay napalipat sa Beth-aven. **24** At ang mga lalake sa Israel ay namanglaw nang araw na yaon: sapagka't ibinilin ni Saul sa bayan, na sinasabi, Sumpain ang lalake na kumain ng anomang pagkain hanggang sa kinahapunan, at ako'y nakaganti sa aking mga kaaway. Sa gayo'y wala sinoman sa bayan na lumasap ng pagkain. **25** At ang buong bayan ay naparoon sa gubat; at may pulot sa ibabaw ng lupa. **26** At nang dumating ang bayan sa gubat, narito, ang pulot ay tumutulo nguni't walang tao na naglagay ng kaniyang kamay sa kaniyang bibig; sapagka't ang bayan ay natakot sa sumpa. **27** Nguni't hindi narinig ni Jonathan, nang ibilin ng kaniyang ama sa bayan na may sumpa: kaya't kaniyang iniunat ang dulo ng tungkod na nasa kaniyang kamay at isinagi sa pulot, at inilagay ang kaniyang kamay sa kaniyang bibig, at ang kaniyang mga mata ay lumiwanag. **28** Nang magkagayo'y sumagot ang isa sa bayan, at nagsabi, Ibiniling mahigpit ng iyong ama sa bayan na may sumpa, na sinasabi, Sumpain ang tao na kumain ng pagkain sa araw na ito. At ang bayan ay pata. **29** Nang magkagayo'y sinabi ni Jonathan, Binagabag ng aking ama ang lupain: tingnan ninyo, isinasamo ko sa inyo, kung paanong ang aking mga mata ay lumiwanag, sapagka't ako'y lumasa ng kaunti sa pulot na ito. **30** Gaano pa kaya kung ang bayan ay kumaing may kalayaan ngayon sa samsam sa kanilang mga kaaway na kanilang nasumpungan? sapagka't hindi nagkaroon ng malaking patayan ngayon sa gitna ng mga Filisteo. **31** At kanilang sinaktan ang mga Filisteo nang araw na yaon mula sa Michmas hanggang sa Ajalon: at ang bayan ay totoong pata. **32** At ang bayan ay dumaluhong sa samsam, at kumuha ng mga tupa, at mga baka, at mga guyang baka, at mga pinatay sa lupa: at kinain ng bayan pati ng dugo. **33** Nang magkagayo'y kanilang isinaysay kay Saul, na sinasabi, Narito, ang bayan ay nagkakasala laban sa Panginoon, sa kanilang pagkain ng dugo. At kaniyang sinabi, Kayo'y gumawang may paglililo: inyong igulong ang isang malaking bato sa akin sa araw na ito. **34** At sinabi ni Saul, Magsikalat kayo sa bayan at inyong sabihin sa kanila, Dalhin sa akin dito ng bawa't tao ang kaniyang baka, at ng bawa't tao ang kaniyang tupa, at patayin dito, at kanin; at huwag nang magkasala laban sa Panginoon sa pagkain ng dugo. At dinala ng buong bayan, bawa't tao ang kaniyang baka nang gabing yaon at pinatay roon. **35** At nagtayo si Saul ng isang dambana sa Panginoon: yaon ang unang dambana na itinayo niya sa Panginoon. **36** At sinabi ni Saul, Ating lusungin na sundan ang mga Filisteo sa kinagabihan, at atin silang samsaman hanggang sa pagliliwanag sa umaga, at huwag tayong maglabi ng isang tao sa kanila. At kanilang sinabi, Gawin mo ang inaakala mong mabuti sa iyo. Nang magkagayo'y sinabi ng saserdote, Tayo'y lumapit dito sa Dios. **37** At si Saul ay humingi ng payo sa Dios: Lulusungin ko ba na susundan ang mga Filisteo? ibibigay mo ba sila sa kamay ng Israel? Nguni't hindi siya sinagot nang araw na yaon. **38** At sinabi ni Saul, Lumapit kayo rito, kayong lahat na puno ng bayan: at maalaman at makita kung saan nanggaling ang kasalanang ito sa araw na ito. **39** Sapagka't buhay nga ang Panginoon na nagliligtas sa Israel, na kahit si Jonathan na aking anak, ay walang pagsalang mamatay. Nguni't walang tao sa buong bayan na sumagot sa kaniya. **40** Nang magkagayo'y sinabi niya sa buong Israel, Lumagay kayo sa isang dako, at ako at si Jonathan na aking anak ay lalagay sa kabilang dako. At sinabi ng bayan kay Saul, Gawin mo ang inaakala mong mabuti sa iyo. **41** Kaya sinabi ni Saul sa Panginoon, sa Dios ng Israel, Ituro mo ang matuwid. At si Jonathan at si Saul ay napili: nguni't ang bayan ay nakatanan. **42** At sinabi ni Saul, Pagsapalaran ninyo ako at si Jonathan na aking anak: at si Jonatan ay napili. **43** Nang magkagayo'y sinabi ni Saul kay Jonathan, Saysayin mo sa akin kung ano ang iyong ginawa. At isinaysay ni Jonathan sa kaniya, at sinabi, Tunay na ako'y lumasa ng kaunting pulot sa dulo ng tungkod na nasa aking kamay: at, narito, ako'y marapat mamatay. **44** At sinabi ni Saul, Gawing gayon ng Dios at lalo na: sapagka't ikaw ay walang pagsalang mamamatay, Jonathan. **45** At sinabi ng bayan kay Saul, Mamamatay ba si Jonathan, na gumawa nitong dakilang kaligtasan sa Israel? Malayo nawa: buhay ang Panginoon, hindi malalaglag ang isang buhok ng kaniyang ulo sa lupa; sapagka't siya'y gumawa na kasama ng Dios sa araw na ito. Sa gayo'y iniligtas ng bayan si Jonathan, na anopa't siya'y hindi namatay. **46** Nang magkagayo'y umahon si Saul na mula sa pagsunod sa mga Filisteo: at ang mga Filisteo ay naparoon sa kanilang sariling dako. **47** Nang masakop nga ni Saul ang kaharian sa Israel, ay bumaka siya laban sa lahat niyang mga kaaway sa bawa't dako, laban sa Moab, at laban sa mga anak ni Ammon, at laban sa Edom, at laban sa mga hari sa Soba, at laban sa mga Filisteo: at saan man siya pumihit ay kaniyang binabagabag sila. **48** At kaniyang ginawang may katapangan, at sinaktan ang

mga Amalecita, at iniligtas ang Israel sa mga kamay ng mga
sumamsam sa kanila. 49 Ang mga anak nga ni Saul ay si
Jonathan, at si Isui, at si Melchi-sua: at ang pangalan ng
kaniyang dalawang anak na babae ay ito; ang pangalan ng
panganay ay Merab, at ang pangalan ng bata ay Michal: 50
At ang pangalan ng asawa ni Saul ay Ahinoam, na anak ni
Aimaas: at ang pangalan ng kaniyang kapitan sa hukbo ay
Abner na anak ni Ner, amain ni Saul. 51 At si Cis ay ama
ni Saul; at si Ner na ama ni Abner ay anak ni Abiel. 52 At
nagkaroon ng mahigpit na pagbabaka laban sa mga Filisteo
sa lahat ng mga araw ni Saul: at sa tuwing nakakakita si
Saul ng sinomang makapangyarihang lalake, o ng sinomang
matapang na lalake ay kaniyang ipinagsasama.

**15** At sinabi ni Samuel kay Saul, Sinugo ako ng Panginoon
upang pahiran kita ng langis na maging hari sa
kaniyang bayan, sa Israel: ngayon nga'y dinggin mo ang
tinig ng mga salita ng Panginoon. 2 Ganito ang sabi ng
Panginoon ng mga hukbo, Aking tinandaan yaong ginawa
ng Amalec sa Israel, kung paanong siya'y humadlang sa
kaniya sa daan, nang siya'y umahon mula sa Egipto. 3
Ngayo'y yumaon ka at saktan mo ang Amalec, at iyong
lubos na lipulin ang buo nilang tinatangkilik, at huwag kang
manghinayang sa kanila; kundi patayin mo ang lalake at
babae, sanggol at sumususo, baka at tupa, kamelyo at
asno. 4 At pinisan ni Saul ang bayan at binilang sila sa
Telaim, dalawang yutang lalake na naglalakad, at sangpung
libong lalake sa Juda. 5 At dumating si Saul sa bayan ng
Amalec, at bumakay sa libis. 6 At sinabi ni Saul sa mga
Cineo, Kayo'y magsiyaon, humiwalay kayo at umalis kayo
sa gitna ng mga Amalecita, baka kayo'y lipulin kong kasama
nila; sapagka't kayo'y nagpakita ng kagandahang loob sa
mga anak ni Israel, nang sila'y umahong mula sa Egipto. Sa
gayo'y umalis ang mga Cineo sa gitna ng mga Amalecita.
7 At sinaktan ni Saul ang mga Amalecita mula sa Havila
kung patungo ka sa Shur, na nasa tapat ng Egipto. 8 At
kaniyang kinuhang buhay si Agag na hari ng mga Amalecita,
at lubos na nilipol ang buong bayan ng talim ng tabak. 9
Nguni't pinanghinayangan ni Saul at ng bayan si Agag, at
ang pinakamabuti sa mga tupa, sa mga baka, at sa mga
pinataba, at sa mga kordero, at lahat ng mabuti, at yaong
mga hindi nila lubos na nilipol: nguni't bawa't bagay na
hamak at walang kabuluhan, ay kanilang lubos na nilipol. 10
Nang magkagayo'y dumating ang salita ng Panginoon kay
Samuel, na sinasabi, 11 Ikinalulungkot ko na aking inilagay
na hari si Saul; sapagka't siya'y tumalikod na hindi sumunod
sa akin, at hindi tinupad ang aking mga utos. At si Samuel
ay nagalit, at siya'y dumaing sa Panginoon buong gabi. 12 At
si Samuel ay bumangong maaga upang salubungin si Saul
sa kinaumagahan; at nasaysay kay Samuel, na sinasabi,
Si Saul ay naparoon sa Carmel, at, narito, ipinagtayo niya
siya ng isang monumento, at siya'y lumibot at nagpatuloy, at
lumusong sa Gilgal. 13 At naparoon si Samuel kay Saul, at
sinabi ni Saul sa kaniya, Pagpalain ka nawa ng Panginoon,
aking tinupad ang utos ng Panginoon. 14 At sinabi ni Samuel,
Anong kahulugan nga nitong iyak ng tupa sa aking pakinig,
at ng ungal ng mga baka na aking naririnig? 15 At sinabi ni
Saul, Sila'y dinala mula sa mga Amalecita: sapagka't ang
bayan ay nagligtas ng pinakamabuti sa mga tupa at sa mga
baka, upang ihain sa Panginoon mong Dios; at ang natira
ay aming lubos na nilipol. 16 Nang magkagayo'y sinabi ni
Samuel kay Saul, Tumigil ka, at aking sasaysayin sa iyo
kung ano ang sinabi ng Panginoon sa akin nang gabing ito.
At sinabi niya sa kaniya, Sabihin mo. 17 At sinabi ni Samuel,
Bagaman ikaw ay maliit sa iyong sariling paningin, hindi ka
ba ginawang pangulo sa mga lipi ng Israel? At pinahiran
ka ng langis ng Panginoon na maging hari sa Israel; 18 At
sinugo ka ng Panginoon sa isang paglalakbay, at sinabi, Ikaw
ay yumaon, at iyong lubos na lipulin ang mga makasalanang
Amalecita, at labanan mo sila hanggang sa sila'y malipol. 19
Bakit nga hindi mo sinunod ang tinig ng Panginoon, kundi
ikaw ay dumaluhong sa pananamsam, at ikaw ay gumawa ng
masama sa paningin ng Panginoon? 20 At sinabi ni Saul kay
Samuel, Oo, aking sinunod ang tinig ng Panginoon, at ako'y
yumaon sa daan na pinagsuguan sa akin ng Panginoon, at
aking dinala si Agag na hari ng Amalec, at aking lubos na
nilipol ang mga Amalecita. 21 Nguni't ang bayan ay kumuha
sa samsam ng mga tupa at mga baka, ng pinakamabuti sa
mga itinalagang bagay, upang ihain sa Panginoon mong
Dios sa Gilgal. 22 At sinabi ni Samuel, Nagtataglay kaya ang
Panginoon ng napakadakilang pagkatuwa sa mga handog
na susunugin at sa mga hain, na gaya sa pagsunod ng
tinig ng Panginoon? Narito, ang pagsunod ay maigi kay sa
hain, at ang pagdinig kay sa taba ng mga tupang lalake. 23
Sapagka't ang panghihimagsik ay gaya ng kasalanan ng
panghuhula, at ang katigasan ng ulo ay gaya ng pagsamba
sa mga diosdiosan at sa mga terap. Sapagka't dahil sa
iyong itinakuwil ang salita ng Panginoon, ay kaniya namang
itinakuwil ka upang huwag ka nang maging hari. 24 At
sinabi ni Saul kay Samuel, Ako'y nagkasala; sapagka't ako'y
sumalangsang sa utos ng Panginoon, at sa iyong mga salita;
sapagka't ako'y natakot sa bayan, at sumunod sa kanilang
tinig. 25 Ngayon nga'y isinasamo ko sa iyo, ipatawad mo ang
aking kasalanan, at bumalik ka uli na kasama ko, upang ako'y
sumamba sa Panginoon. 26 At sinabi ni Samuel kay Saul,
Hindi ako babalik na kasama mo; sapagka't iyong itinakuwil
ang salita ng Panginoon, at itinakuwil ka ng Panginoon
upang huwag ka nang maging hari sa Israel. 27 At nang
pumihit si Samuel upang yumaon, siya'y pumigil sa laylayan

ng kaniyang balabal, at nahapak. 28 At sinabi ni Samuel
sa kaniya, Hinapak sa iyo ng Panginoon ang kaharian ng
Israel sa araw na ito, at ibinigay sa iyong kapuwa, na maigi
kay sa iyo. 29 At ang Lakas ng Israel naman ay hindi
magbubulaan o magsisisi man; sapagka't siya'y hindi isang
tao na magsisisi. 30 Nang magkagayo'y kaniyang sinabi,
Ako'y nagkasala: gayon ma'y parangalan mo ako ngayon,
isinasamo ko sa iyo, sa harap ng mga matanda ng aking
bayan at sa harap ng Israel, at bumalik ka uli na kasama ko
upang aking sambahin ang Panginoon mong Dios. 31 Gayon
bumalik uli na sumunod si Samuel kay Saul; at sumamba si
Saul sa Panginoon. 32 Nang magkagayo'y sinabi ni Samuel,
Dalhin ninyo rito sa akin si Agag na hari ng mga Amalecita.
At masayang naparoon si Agag sa kaniya. At sinabi ni Agag,
Tunay na ang kapaitan ng kamatayan ay nakaraan na. 33
At sinabi ni Samuel, Kung paanong niwalan ng anak ng
iyong tabak ang mga babae, ay magiging gayon ang iyong
ina na mawawalan ng anak, sa gitna ng mga babae. At
pinagputolputol ni Samuel si Agag sa harap ng Panginoon
sa Gilgal. 34 Nang magkagayo'y naparoon si Samuel sa
Rama, at si Saul ay sumampa sa kaniyang bahay sa Gabaa
ni Saul. 35 At si Samuel ay hindi na bumalik na napakitang
muli kay Saul hanggang sa araw ng kaniyang kamatayan;
sapagka't tinangisan ni Samuel si Saul: at ang Panginoon ay
nagdamdam na kaniyang nagawang hari si Saul sa Israel.

**16** At sinabi ng Panginoon kay Samuel, Hanggang kailan
pananangisan mo si Saul yamang aking itinakuwil
siya na maging hari sa Israel? Punuin mo ng langis ang
iyong sungay, at ikaw ay yumaon, susuguin kita kay Isai
na Bethlehemita: sapagka't ako'y naglaan sa kaniyang
mga anak ng isang hari. 2 At sinabi ni Samuel, Paanong
ako'y paroroon? Kung mabalitaan ni Saul, ay kaniyang
papatayin ako. At sinabi ng Panginoon, Magdala ka ng
isang dumalagang baka, at iyong sabihin, Ako'y naparito
upang maghain sa Panginoon. 3 At tawagin mo si Isai
sa paghahain at aking ituturo sa iyo kung ano ang iyong
gagawin; at iyong papahiran sa akin yaong sa iyo'y aking
sabihin. 4 At ginawa ni Samuel ang sinalita ng Panginoon at
naparoon sa Bethlehem. At ang mga matanda sa bayan
ay naparoon upang salubungin siya na nagsisipanginig,
at nagsabi, Napaparito ka bang may kapayapaan? 5 At
kaniyang sinabi, May kapayapaan: ako'y naparito upang
maghain sa Panginoon: magpakabanal kayo at sumama
kayo sa akin sa paghahain. At pinapagbanal niya si Isai at
ang kaniyang mga anak, at tinawag niya sila sa paghahain.
6 At nangyari, nang sila'y dumating na siya'y tumingin kay
Eliab, at nagsabi, Tunay na ang pinahiran ng Panginoon ay
nasa harap niya. 7 Nguni't sinabi ng Panginoon kay Samuel,
Huwag mong tingnan ang kaniyang mukha, o ang taas ng
kaniyang kataasan; sapagka't aking itinakuwil siya: sapagka't
hindi tumitingin ang Panginoon na gaya ng pagtingin ng
tao: sapagka't ang tao ay tumitingin sa mukha, nguni't ang
Panginoon ay tumitingin sa puso. 8 Nang magkagayo'y
tinawag ni Isai si Abinadab, at pinaraan niya sa harap ni
Samuel. At kaniyang sinabi, Kahit ito man, ay hindi pinili
ng Panginoon. 9 Nang magkagayo'y pinaraan ni Isai si
Samma. At kaniyang sinabi, Kahit ito man, ay hindi pinili
ng Panginoon. 10 At pinaraan ni Isai ang pito sa kaniyang
mga anak sa harap ni Samuel. At sinabi ni Samuel kay
Isai, Hindi pinili ng Panginoon ang mga ito. 11 At sinabi ni
Samuel kay Isai, Narito ba ang iyong lahat na anak? At
kaniyang sinabi, Natitira pa ang bunso, at, narito, siya'y
nag-aalaga sa mga tupa. At sinabi ni Samuel kay Isai,
Ipasundo mo siya; sapagka't hindi tayo uupo hanggang sa
siya'y dumating dito. 12 At siya'y nagsugo, at sinundo siya
roon. Siya nga'y may mapulang pisngi, may magandang
bikas, at mabuting anyo. At sinabi ng Panginoon, Tumindig
ka: pahiran mo siya ng langis, sapagka't ito nga. 13 Nang
magkagayo'y kinuha ni Samuel ang sungay ng langis, at
pinahiran siya sa gitna ng kaniyang mga kapatid: at ang
Espiritu ng Panginoon ay makapangyarihang suma kay
David mula sa araw na yaon hanggang sa haharapin. Gayon
bumangon si Samuel at napasa Rama. 14 Ang Espiritu nga
ng Panginoon ay humiwalay kay Saul, at isang masamang
espiritu na mula sa Panginoon ay bumagabag sa kaniya. 15
At sinabi ng mga bataan ni Saul sa kaniya, Narito ngayon,
isang masamang espiritu na mula sa Dios ay bumabagabag
sa iyo. 16 Iutos ngayon ng aming panginoon sa iyong mga
bataan na nasa harap mo na humanap ng isang lalake
na bihasang manunugtog ng alpa; at mangyayari, pagka
ang masamang espiritu na mula sa Dios ay nasa iyo na
siya'y tutugtog ng kaniyang kamay at ikaw ay bubuti. 17 At
sinabi ni Saul sa kaniyang mga bataan, Ipaghanda ninyo ako
ngayon ng isang lalake na makatutugtog na mabuti, at dalhin
ninyo sa akin siya. 18 Nang magkagayo'y sumagot ang isa
sa mga bataan, at nagsabi, Narito, aking nakita ang isang
anak ni Isai na Bethlehemita, na bihasa sa panunugtog,
at makapangyarihang lalake na may tapang, at lalaking
mangdidigma, at matalino sa pananalita, at makisig na
lalake, at ang Panginoon ay sumasa kaniya. 19 Kaya't
nagsugo si Saul ng mga sugo kay Isai, at sinabi, Suguin mo
sa akin si David na iyong anak, na nasa kawan ng mga tupa.
20 At kumuha si Isai ng isang asno na may pasang tinapay,
at isang balat ng alak, at isang anak ng kambing, at ipinadala
kay Saul sa pamamagitan ni David na kaniyang anak. 21
At dumating si David kay Saul at tumayo sa harap niya: at
minahal niya siyang mainam; at siya'y naging tagadala ng
sandata niya. 22 At nagpasabi si Saul kay Isai, Isinasamo ko

sa iyo na bayaang tumayo si David sa harapan ko, sapagka't
siya'y nakasumpong ng biyaya sa aking paningin. 23 At
nangyari, pagka ang masamang espiritu na mula sa Dios
ay sumasa kay Saul, ay kinukuha ni David ang alpa, at
tinutugtog ng kaniyang kamay: gayon nagiginhawahan si
Saul, at bumubuti, at ang masamang espiritu ay nahihiwalay
sa kaniya.

**17** Ngayo'y pinisan ng mga Filisteo ang kanilang hukbo
upang bumaka at sila'y nagpipisan sa Socho, na
nauukol sa Juda, at nagsihantong sa pagitan ng Socho at
ng Azeca, sa Ephesdammim. 2 At nagpipisan si Saul at
ang mga lalake ng Israel, at nagsihantong sa libis ng Ela,
at nagsihanay sa pakikipagbaka laban sa mga Filisteo. 3
At nagsitayo ang mga Filisteo sa isang dako sa bundok,
at tumayo ang Israel sa kabilang dako sa bundok: at may
isang libis sa pagitan nila. 4 At lumabas ang isang bayani sa
kampamento ng mga Filisteo na nagngangalang Goliath,
taga Gath, na ang taas ay anim na siko at isang dangkal. 5
At siya'y mayroong isang turbanteng tanso, sa kaniyang
ulo, at siya'y nasusuutan ng isang baluti sa katawan; at ang
bigat ng baluti ay limang libong siklong tanso. 6 At siya'y
mayroong kasuutang tanso sa kaniyang mga hita, at isang
sibat na tanso sa pagitan ng kaniyang mga balikat. 7 At
ang puluhan ng kaniyang sibat ay gaya ng panghabi ng
manghahabi; at ang dulo ng kaniyang sibat ay may anim na
raang siklong bakal ang bigat: at ang kaniyang tagadala
ng kalasag ay nauuna sa kaniya. 8 At siya'y tumayo at
humiyaw sa mga hukbo ng Israel, at nagsabi sa kanila, Bakit
kayo'y lumabas na nagsihanay sa pakikipagbaka? hindi ba
ako'y Filisteo, at kayo'y mga lingkod ni Saul? pumili kayo
ng isang lalake sa inyo, at pababain ninyo siya sa akin. 9
Kung siya'y makalaban sa akin at mapatay ako, magiging
alipin nga ninyo kami; nguni't kung ako'y manaig laban sa
kaniya, at mapatay ko siya ay magiging alipin nga namin
kayo at maglilingkod sa amin. 10 At sinabi ng Filisteo, Aking
hinahamon ang mga hukbo ng Israel sa araw na ito; bigyan
ninyo ako ng isang lalake, upang maglaban kami. 11 At
nang marinig ni Saul at ng buong Israel ang mga salitang
yaon ng Filisteo, sila'y nanglupaypay, at natakot na mainam.
12 Si David nga ay anak niyaong Ephrateo sa Bethlehem-
juda, na ang pangala'y Isai; at may walong anak: at ang
lalaking yaon ay matanda na sa mga kaarawan ni Saul na
totoong napakatanda sa gitna ng mga tao. 13 At ang tatlong
pinakamatandang anak ni Isai ay naparoong sumunod kay
Saul sa pakikipagbaka: at ang mga pangalan ng kaniyang
tatlong anak na naparoon sa pakikipagbaka ay si Eliab na
panganay, at ang kasunod niya ay si Abinadab, at ang ikatlo
ay si Samma. 14 At si David ang bunso: at ang tatlong
pinakamatanda ay sumunod kay Saul. 15 Nguni't si David ay
nagpaparoo't parito mula kay Saul upang pasabsabin ang
mga tupa ng kaniyang ama sa Bethlehem. 16 At lumalapit
ang Filisteo sa umaga at hapon, at humarap na apat na
pung araw. 17 At sinabi ni Isai kay David na kaniyang anak,
Dalhin mo ngayon sa iyong mga kapatid ang isang epa
nitong trigo na sinangag, at itong sangpung tinapay, at dalhin
mong madali sa kampamento, sa iyong mga kapatid; 18 At
dalhin mo ang sangpung kesong ito sa kapitan ng kanilang
libo, at tingnan mo kung ano ang kalagayan ng iyong mga
kapatid, at kumuha ka ng pinakakatunayan. 19 Si Saul nga,
at sila at ang lahat ng mga lalake ng Israel ay nasa libis
ng Ela, na nakikipaglaban sa mga Filisteo. 20 At si David
ay bumangong maaga sa kinaumagahan, at iniwan ang
tupa na may isang tagapagalaga, at nagdala at yumaon,
na gaya ng iniutos sa kaniya ni Isai; at siya'y naparoon sa
kinaroroonan ng mga karo, habang ang hukbo na lumalabas
sa pakikipaglaban ay sumisigaw ng pakikipagbaka. 21 At ang
Israel at ang mga Filisteo ay nakahanay na sa pagbabaka,
hukbo laban sa hukbo. 22 At iniwan ni David ang kaniyang
daladalahan sa kamay ng tagapagingat ng daladalahan,
at tumakbo sa hukbo, at naparoon, at bumati sa kaniyang
mga kapatid. 23 At sa kaniyang pakikipagusap sa kanila,
narito, dumating ang bayani, ang Filisteo na taga Gath,
na Goliath ang pangalan, mula sa hanay ng mga Filisteo,
at nagsalita ng ayon sa mga gayon ding salita: at narinig
ni David. 24 At lahat ng mga lalake sa Israel pagkakita
sa lalaking yaon ay tumakas mula sa kaniyang harapan,
at natakot na mainam. 25 At ang mga lalake ng Israel ay
nagsabi, Nakita ba ninyo ang lalaking iyan na sumasampa?
Tunay na sumasampa siya upang manghamon sa Israel:
at mangyayari, na ang lalaking makapatay sa kaniya, ay
payayamanin ng hari ng malaking kayamanan, at ibibigay sa
kaniya ang kaniyang anak na babae, at palalayain sa Israel
ang sangbahayan ng kaniyang ama. 26 At nagsalita si David
sa mga lalaking nakatayo sa siping niya, na nagsasabi, Ano
ang gagawin sa lalaking makapatay sa Filisteong ito, at mag-
alis sa Israel ng kadustaang ito? sapagka't sinong Filisteong
ito na hindi tuli na siya'y humahamon sa mga hukbo ng
buhay na Dios? 27 At sumagot sa kaniya ang bayan, ng
ganitong paraan, na sinabi, Ganito ang gagawin sa lalake na
makapatay sa kaniya. 28 At narinig ni Eliab na kaniyang
pinakamatandang kapatid, nang siya'y magsalita sa mga
lalake; at ang galit ni Eliab ay nagalab laban kay David,
at kaniyang sinabi, Bakit ka lumusong dito? at kanino mo
iniwan ang ilang tupang yaon sa ilang? Talastas ko ang iyong
kahambugan, at ang kalikutan ng iyong puso; sapagka't ikaw
ay lumusong upang iyong makita ang pagbabaka. 29 At
sinabi ni David, Anong aking ginawa ngayon? Wala bang
dahilan? 30 At tinalikdan niya siya na napatungo sa iba, at

siya'y nagsalita ng gayon ding paraan: at sinagot siya uli ng
bayan na gaya ng una. 31 At nang marinig ang mga salita na
sinalita ni David, ay sinaysay nila sa harap ni Saul; at siya'y
ipinasundo niya. 32 At sinabi ni David kay Saul, Huwag
manglupaypay ang puso ng sinoman dahil sa kaniya; ang
iyong lingkod ay yayaon at makikipaglaban sa Filisteong ito.
33 At sinabi ni Saul kay David: Hindi ka makapaparoroon laban
sa Filisteong ito upang makipaglaban sa kaniya: sapagka't
ikaw ay isang bata, at siya'y isang lalaking mangdidigma
mula sa kaniyang pagkabata. 34 At sinabi ni David kay Saul,
Ang iyong lingkod ay nagaalaga ng mga tupa ng kaniyang
ama; at pagka pumaroon ang isang leon, o isang oso, at
kinukuha ang isang kordero sa kawan, 35 Ay lumalabas
akong hinahabol ko siya, at aking sinasaktan, at aking
inililigtas sa kaniyang bibig: at pagka dinadaluhong ako ay
aking pinapangahan, at aking sinasaktan, at aking pinapatay.
36 Pinapatay ng iyong lingkod ang leon at gayon din ang oso:
at ang Filisteong ito na hindi tuli ay magiging isa sa kanila,
yamang kaniyang hinahamon ang mga hukbo ng Dios na
buhay. 37 At sinabi ni David, Ang Panginoon na nagligtas sa
akin sa mga pangamot ng leon, at sa pangamot ng oso, ay
siyang magliliigtas sa akin sa kamay ng Filisteong ito. At
sinabi ni Saul kay David, Yumaon ka, at ang Panginoon ay
sasa iyo. 38 At sinandatahan ni Saul si David ng kaniyang
mga sandata, at kaniyang inilagay ang isang turbanteng
tanso sa kaniyang ulo, at kaniyang sinuutan siya ng isang
baluti sa katawan. 39 At ibinigkis ni David, ang tabak niya sa
kaniyang sandata, at kaniyang tinikmang yumaon; sapagka't
hindi pa niya natitikman. At sinabi ni David kay Saul, Hindi
ako makayayaon na dala ko ang mga ito; sapagka't hindi ko
pa natitikman. At pawang hinubad ni David sa kaniya. 40 At
tinangnan niya ang kaniyang tungkod sa kaniyang kamay,
at pumili siya ng limang makinis na bato mula sa batis, at
isinilid sa supot na kaniyang dala, sa makatuwid baga'y sa
kaniyang supot pastor; at ang kaniyang panghilagpos ay
nasa kaniyang kamay: at siya'y lumapit sa Filisteo. 41 At
nagpatuloy ang Filisteo at lumapit kay David; at ang lalake
na may dala ng kalasag ay nangunguna sa kaniya. 42 At
nang tumingin ang Filisteo, at makita si David, ay kaniyang
niwalan ng kabuluhan siya; sapagka't siya'y bata pa, at
mapula ang pisngi, at may magandang bikas. 43 At sinabi
ng Filisteo kay David, Ako ba ay aso, na ikaw ay paririto
sa akin na may mga tungkod? At nilait ng Filisteo si David
sa pamamagitan ng kaniyang mga dios. 44 At sinabi ng
Filisteo kay David, Halika, at aking ibibigay ang iyong laman
sa mga ibon sa himpapawid at sa mga hayop sa parang.
45 Nang magkagayo'y sinabi ni David sa Filisteo, Ikaw ay
naparirito sa akin na may tabak, at may malaking sibat
at may kalasag; nguni't ako'y naparirito laban sa iyo sa
pangalan ng Panginoon ng mga hukbo, ng Dios ng mga
kawal ng Israel na iyong hinahamon. 46 Sa araw na ito ay
ibibigay ka ng Panginoon sa aking kamay; at sasaktan kita,
at pupugutin ko ang ulo mo; at ibibigay ko ang mga bangkay
sa hukbo ng mga Filisteo sa mga ibon sa himpapawid sa
araw na ito, at sa mababangis na hayop sa lupa; upang
maalaman ng buong lupa na may Dios sa Israel: 47 At upang
maalaman ng buong kapisanang ito na hindi nagliligtas ang
Panginoon sa pamamagitan ng tabak o ng sibat: sapagka't
ang pagbabakang ito ay sa Panginoon, at ibibigay niya
kayo sa aming kamay. 48 At nangyari, nang bumangon ang
Filisteo, at sumulong at lumapit upang salubungin si David,
na si David ay nagmadali, at tumakbo sa dako ng kawal
upang salubungin ang Filisteo. 49 At isinuot ni David ang
kaniyang kamay sa kaniyang supot; at kumuha roon ng isang
bato, at inihilagpos, at tinamaan ang Filisteo sa kaniyang
noo; at ang bato ay bumaon sa kaniyang noo, at nabuwal
na pasubsob sa lupa. 50 Sa gayo'y nanaig si David sa
Filisteo sa pamamagitan ng isang panghilagpos at ng isang
bato, at sinaktan ang Filisteo at pinatay niya siya; nguni't
walang tabak sa kamay ni David. 51 Nang magkagayo'y
tumakbo si David, at tinunghan ang Filisteo, at kinuha ang
kaniyang tabak, at binunot sa kaniyang kaluban, at pinatay
siya, at ipinagpugot ng kaniyang ulo. At nang makita ng
mga Filisteo na ang kanilang bayani ay patay na, sila'y
tumakas. 52 At nagsibangon ang mga lalake ng Israel at ng
Juda, at humiyaw at hinabol ang mga Filisteo hanggang
sa Gath, at sa mga pintuang-bayan ng Ecron. At ang mga
sugatan sa mga Filisteo ay nabuwal sa daang patungo sa
Saraim, hanggang sa Gath, at sa Ecron. 53 At nagsibalik
ang mga anak ni Israel sa paghabol sa mga Filisteo, at
kanilang sinamsam ang kanilang kampamento. 54 At kinuha
ni David ang ulo ng Filisteo, at dinala sa Jerusalem; nguni't
kaniyang inilagay ang sandata niya sa kaniyang tolda. 55 At
nang makita ni Saul si David na lumalabas laban sa Filisteo,
kaniyang sinabi kay Abner, na kapitan ng hukbo, Abner,
kaninong anak ang batang ito? At sinabi ni Abner, Buhay
ang iyong kaluluwa, Oh hari, hindi ko masabi. 56 At sinabi
ng hari, Usisain mo kung kaninong anak ang batang ito. 57
At pagbalik ni David sa pagpatay sa Filisteo, kinuha siya ni
Abner, at dinala siya sa harap ni Saul na dala ang ulo ng
Filisteo sa kaniyang kamay. 58 At sinabi ni Saul sa kaniya,
Kaninong anak ka, binata? At sumagot si David, Ako'y anak
ng iyong lingkod na si Isai na Bethlehemita.

**18** At nangyari, nang siya'y makatapos na magsalita
kay Saul, na ang kaluluwa ni Jonathan ay nalakip sa
kaluluwa ni David, at minahal ni Jonathan siya na gaya ng
kaniyang sariling kaluluwa. 2 At kinuha siya ni Saul nang
araw na yaon, at hindi na siya tinulutang umuwi sa bahay ng

kaniyang ama. 3 Nang magkagayo'y si Jonathan at si David
ay nagtibay ng isang tipan, sapagka't minahal niya siya na
gaya ng kaniyang sariling kaluluwa. 4 At hinubad ni Jonathan
ang kaniyang balabal na nakasuot sa kaniya, at ibinigay kay
David, at ang kaniyang kasuutan pati ng kaniyang tabak, at
ng kaniyang busog at ng kaniyang pamigkis. 5 At lumalabas
si David saan man suguin ni Saul, at siya'y nagpakabait:
at inilagay ni Saul siya sa mga lalaking mangdidigma, at
minabuti ng paningin ng buong bayan, at gayon din ng
paningin ng mga lingkod ni Saul. 6 At nangyari pagdating
nila, nang bumalik si David mula sa pagpatay sa Filisteo, na
ang mga babae ay lumabas mula sa lahat ng mga bayan ng
Israel, na nagaawitan at nagsasayawan, upang salubungin
ang haring si Saul, ng mga pandereta, ng kagalakan, at
ng panugtog ng tugtugin. 7 At nagaawitan ang mga babae
sa kanilang pagtugtog, at sinasabi, Pinatay ni Saul ang
kaniyang libolibo, At ni David ang kaniyang laksa-laksa. 8 At
nagalit na mainam si Saul at ang sabing ito ay isinama niya
ng loob; at kaniyang sinabi, Kanilang inilagay kay David
ay laksalaksa, at sa akin ay kanilang inilagay ang libolibo
lamang: at ano na lamang ang kaniyang tatangkilikin kundi
ang kaharian? 9 At inirapan ni Saul si David mula sa araw na
yaon. 10 At nangyari nang kinabukasan, na ang masamang
espiritu na mula sa Dios ay dumating na makapangyarihan
kay Saul, at siya'y nanghula sa gitna ng bahay: at si David ay
tumugtog ng kaniyang kamay, gaya ng kaniyang ginagawa
araw-araw; at hawak ni Saul ang kaniyang sibat sa kaniyang
kamay. 11 At inihagis ni Saul ang sibat; sapagka't kaniyang
sinabi, Aking tutuhugin si David sa dinding. At tumanan si
David sa kaniyang harap na makalawa. 12 At natakot si Saul
kay David, sapagka't ang Panginoon ay sumasakaniya, at
nahiwalay na kay Saul. 13 Kaya't inihiwalay ni Saul siya
sa kaniya, at siya'y ginawa niyang punong kawal sa isang
libo; at siya'y naglalabas pumasok sa harap ng bayan. 14
Nagpakabait si David sa lahat ng kaniyang kilos; at ang
Panginoon ay sumasakaniya. 15 At nang makita ni Saul
na siya'y nagpakabait, siya'y natakot sa kaniya. 16 Nguni't
minamahal ng buong Israel at Juda si David; sapagka't
siya'y naglalabas pumasok sa harap nila. 17 At sinabi ni
Saul kay David, Narito ang aking lalong matandang anak na
babae na si Merab; siya'y aking ibibigay sa iyo na asawa:
magpakatapang ka lamang dahil sa akin, at iyong ilaban
ang mga pagbabaka ng Panginoon. Sapagka't sinabi ni
Saul, Huwag pagbuhatan siya ng aking kamay, kundi ang
kamay ng mga Filisteo, ang magbuhat sa kaniya. 18 At
sinabi ni David kay Saul, Sino ako at ano ang aking buhay, o
ang sangbahayan ng aking ama sa Israel, upang maging
manugang ako ng hari? 19 Nguni't nangyari na sa panahong
ibibigay kay David si Merab na anak na babae ni Saul, ay
ibinigay na asawa kay Adriel na Meholatita. 20 At sinisinta
ni Michal na anak na babae ni Saul si David: at kanilang
isinaysay kay Saul, at ang bagay ay ikinalugod niya. 21 At
sinabi ni Saul, Aking ibibigay sa kaniya siya, upang siya'y
maging silo sa kaniya, at upang ang kamay ng mga Filisteo
ay maging laban sa kaniya. Kaya't sinabing ikalawa ni Saul
kay David: Ikaw ay magiging aking manugang sa araw
na ito. 22 At iniutos ni Saul sa kaniyang mga lingkod, na
sinasabi, Makipagusap kayo kay David ng lihim, at inyong
sabihin, Narito, kinatutuwaan ka ng hari at minamahal ka
ng lahat ng kaniyang mga lingkod: ngayon nga ay maging
manugang ka ng hari. 23 At sinalita ng mga lingkod ni Saul
ang mga salitang yaon sa pakinig ni David. At sinabi ni
David, Inaakala ba ninyo na magaang bagay ang maging
manugang ng hari, dangang ako'y isang dukhang tao at
niwawalang kabuluhan? 24 At isinaysay ng mga lingkod
ni Saul sa kaniya, na sinabi, Ganitong paraan nagsalita si
David. 25 At sinabi ni Saul, Ganito ang inyong sasabihin kay
David: Hindi nagnanasa ang hari ng anomang bigaykaya,
kundi isang daang balat ng masama ng mga Filisteo, upang
mapanghigantihan ang mga kaaway ng hari. Ang balak nga
ni Saul ay maibuwal si David sa pamamagitan ng kamay ng
mga Filisteo. 26 At nang saysayin ng kaniyang mga lingkod
kay David ang mga salitang ito, ay ikinalugod na mabuti ni
David na maging manugang siya ng hari. At ang mga araw
ay hindi pa nagaganap; 27 At tumindig si David at yumaon,
siya at ang kaniyang mga lalake, at pumatay sa mga Filisteo
ng dalawang daang lalake; at dinala ni David ang kanilang
mga balat ng masama, at kaniyang ibinigay ng buong bilang
sa hari, upang siya'y maging manugang ng hari. At ibinigay
na asawa sa kaniya ni Saul si Michal na kaniyang anak na
babae. 28 At nakita at nalaman ni Saul na ang Panginoon ay
sumasa kay David; at sinisinta si David ni Michal na anak ni
Saul. 29 At si Saul ay lalong natatakot kay David; at naging
kaaway ni David si Saul na palagi. 30 Nang magkagayo'y
lumabas ang mga pangulo ng mga Filisteo: at nangyari,
na sa tuwing sila'y lumalabas ay nagpakabait si David kay
sa lahat ng mga lingkod ni Saul; sa gayon ang kaniyang
pangalan ay lalong namahal.

**19** At nagsalita si Saul kay Jonathan na kaniyang anak,
at sa lahat ng kaniyang mga lingkod, na kanilang
patayin si David. Nguni't si Jonathan na anak ni Saul ay
naliligayang mainam kay David. 2 At isinaysay ni Jonathan
kay David, na sinasabi, Pinagsisikapan ni Saul na aking
ama na patayin ka: ngayon nga'y isinasamo ko sa iyo, na
magingat ka sa kinaumagahan, at manatili sa isang lihim na
dako, at magtago ka: 3 At ako'y lalabas at tatayo sa siping
ng aking ama sa parang na iyong kinaroroonan, at ako'y
makikipagusap sa aking ama ng tungkol sa iyo; at kung may

makita akong anoman, ay aking sasaysayin sa iyo. **4** At
nagsalita si Jonathan kay Saul na kaniyang ama, ng mabuti
tungkol kay David, at sinabi sa kaniya, Huwag magkasala
ang hari laban sa kaniyang lingkod na si David; sapagka't
hindi siya nagkasala laban sa iyo; at sapagka't ang kaniyang
mga gawa ay naging mabuti sa iyo: **5** Sapagka't kaniyang
ipinain ang kaniyang buhay, at sinaktan ang Filisteo, at
gumawa ang Panginoon ng dakilang pagtatagumpay sa
ganang buong Israel: nakita mo at nagalak ka; bakit nga
magkakasala ka laban sa walang salang dugo, na papatayin
si David ng walang anomang kadahilanan? **6** At dininig ni
Saul ang tinig ni Jonathan; at sumumpa si Saul: Buhay ang
Panginoon, siya'y hindi papatayin. **7** At tinawag ni Jonathan
si David, at isinaysay ni Jonathan sa kaniya ang lahat ng
mga bagay na yaon. At dinala ni Jonathan si David kay
Saul, at siya'y lumagay sa kaniyang harap, na gaya ng
dati. **8** At nagkaroong muli ng digma: at lumabas si David,
at nakipaglaban sa mga Filisteo, at pumatay sa kanila ng
malaking pagpatay; at sila'y tumakas sa harap niya. **9** At
isang espiritung masama na mula sa Panginoon ay suma kay
Saul, nang siya'y nakaupo sa kaniyang bahay na tangan niya
ang kaniyang sibat sa kaniyang kamay; at tumugtog si David
sa pamamagitan ng kaniyang kamay. **10** At pinagsikapan
ni Saul na tuhugin ng sibat si David sa dinding; nguni't
siya'y nakatakas sa harap ni Saul at ang kaniyang tinuhog
ng sibat ay ang dinding: at tumakas si David at tumanan
ng gabing yaon. **11** At nagsugo si Saul ng mga sugo sa
bahay ni David, upang siya'y bantayan, at siya'y patayin sa
kinaumagahan: at sinaysay sa kaniya ni Michal na asawa
ni David, na sinasabi, Kundi mo iligtas ang iyong buhay
ngayong gabi bukas ay papatayin ka. **12** Kaya inihugos ni
Michal si David sa isang dungawan, at siya'y yumaon, at
tumakas, at tumanan. **13** At kinuha ni Michal ang mga terap,
at inihiga sa higaan at nilagyan sa ulunan ng isang unan
na buhok ng kambing, at tinakpan ng mga kumot. **14** At
nang magsugo si Saul ng mga sugo upang dakpin si David,
kaniyang sinabi, Siya'y may sakit. **15** At nagsugo si Saul
ng mga sugo upang tingnan si David, na sinasabi, Ipanhik
ninyo siya sa akin na nasa kaniyang higaan, upang aking
patayin siya. **16** At nang pumasok ang mga sugo, narito, ang
mga terap at nasa higaan, pati ng unang buhok ng kambing
sa ulunan niyaon. **17** At sinabi ni Saul kay Michal, Bakit mo
ako dinaya ng ganiyan, at iyong pinaalis ang aking kaaway,
na anopa't siya'y nakatanan? At sumagot si Michal kay Saul,
Kaniyang sinabi sa akin: Bayaan mo akong yumaon: bakit
kita papatayin? **18** Si David nga ay tumakas, at tumanan, at
naparoon kay Samuel sa Rama, at isinaysay sa kaniya ang
lahat ng ginawa ni Saul sa kaniya. At siya at si Samuel ay
yumaon at tumahan sa Najoth. **19** At nasaysay kay Saul
na sinasabi, Narito si David ay nasa Najoth sa Rama. **20**
At nagsugo si Saul ng mga sugo upang dakpin si David:
at nang kanilang makita ang pulutong ng mga propeta na
nanganghuhula, at si Samuel ay tumatayong pinakapangulo
sa kanila, ang Espiritu ng Dios ay dumating sa mga sugo ni
Saul, at sila naman ay nanganghula. **21** At nang maisaysay
kay Saul, siya'y nagsugo ng ibang mga sugo, at sila man ay
nanganghula. At si Saul ay nagsugo uli ng mga sugo na
ikaitlo, at sila man ay nanganghula. **22** Nang magkagayo'y
naparoon din naman siya sa Rama, at dumating sa dakilang
balon na nasa Socho: at siya'y tumanong, at nagsabi, Saan
naroon si Samuel at si David? At sinabi ng isa, Narito,
sila'y nasa Najoth sa Rama. **23** At siya'y naparoon doon sa
Najoth sa Rama: at ang Espiritu ng Dios ay dumating din
sa kaniya, at siya'y nagpatuloy, at nanghula hanggang sa
siya'y dumating sa Najoth sa Rama. **24** At siya rin nama'y
naghubad ng kaniyang mga suot, at siya man ay nanghula
sa harap ni Samuel, at nahigang hubad sa buong araw na
yaon at sa buong gabing yaon. Kaya't kanilang sinasabi,
Pati ba si Saul ay nasa gitna ng mga propeta?

**20** At si David ay tumakas mula sa Najoth, na nasa Rama,
at siya'y dumating at nagsabi sa harap ni Jonathan,
Anong aking ginawa? anong aking kasamaan? at anong
aking kasalanan sa harap ng iyong ama, upang kaniyang
usigin ang aking buhay? **2** At sinabi niya sa kaniya, Malayo
nawa; hindi ka mamamatay: narito, ang aking ama ay hindi
gumagawa ng anomang bagay na malaki o maliit kundi
niya ipaalam sa akin: at bakit ililihim sa akin ng aking ama
ang bagay na ito? hindi gayon. **3** At gayon ma'y si David
ay sumumpa, at nagsabi, Talastas na maigi ng iyong ama,
na ako'y nakasumpong ng biyaya sa iyong paningin; at
kaniyang sinasabi, Huwag maalaman ni Jonathan ito, baka
siya'y magdalamhati; nguni't buhay nga ang Panginoon, at
buhay ang iyong kaluluwa, na iisang hakbang ang pagitan
ko sa kamatayan. **4** Nang magkagayo'y sinabi ni Jonathan
kay David, Anomang adhikain ng iyong kaluluwa ay aking
gagawin dahil sa iyo. **5** At sinabi ni David kay Jonathan,
Narito, bukas ay bagong buwan, at ako'y di marapat na di
sumalo sa hari; nguni't bayaan mo akong yumaon upang
ako'y magkubli sa parang hanggang sa ikatlong araw sa
paglubog ng araw. **6** Kung ako'y punahin ng iyong ama,
iyo ngang sabihing, Hiniling na mainam sa akin ni David
na siya'y patakbuhin sa Bethlehem na kaniyang bayan:
sapagka't siyang paghahain na taonan sa lahat ng angkan. **7**
Kung kaniyang sabihing ganito, Mabuti; ang iyong lingkod ay
matitiwasay; nguni't kung siya'y magalit, talastasin mo nga na
ang kasamaan ay ipinasiya niya. **8** Kaya pagmagandahang
loob mo ang iyong lingkod; sapagka't iyong dinala ang iyong
lingkod sa isang tipan ng Panginoon sa iyo; nguni't kung

magtaglay ako ng kasamaan, patayin mo ako; sapagka't
bakit mo pa dadalhin ako sa iyong ama? **9** At sinabi ni
Jonathan, Malayo nawa sa iyo: sapagka't kung matalastas
ko sa anomang paraan na ang kasamaan ay ipinasiya
ng ama kong sumapit sa iyo, hindi ko ba sasaysayin sa
iyo? **10** Nang magkagayo'y sinabi ni David kay Jonathan,
Sino ang magsasaysay sa akin, kung sakaling ang iyong
ama ay sumagot sa iyo na may kagalitan? **11** At sinabi ni
Jonathan kay David, Halika at tayo'y lumabas sa parang. At
sila'y kapuwa lumabas sa parang. **12** At sinabi ni Jonathan
kay David, Ang Panginoon, ang Dios ng Israel, maging
saksi; pagka aking natarok ang aking ama sa oras na ito sa
kinabukasan o sa ikatlong araw, narito, kung maging mabuti
kay David, hindi ko nga ba pasasapitin sa iyo, at ipababatid
sa iyo? **13** Kung mabutihin ng aking ama na gawan ka ng
kasamaan, ay hatulan ng Panginoon si Jonathan, malibang
ipabatid ko sa iyo at payaunin ka, upang ikaw ay yumaong
payapa: at ang Panginoon ay sumaiyo nawa na gaya ng
siya'y nasa aking ama. **14** At huwag mangyari kailanman
hanggang ako'y nabubuhay, na di mo ako pagpakitaan
ng kagandahang loob ng Panginoon upang ako'y huwag
mamatay: **15** Subali't huwag mo ring ihihiwalay ang iyong
kagandahang loob sa aking sangbahayan magpakailan man:
huwag kahit man lipulin ng Panginoon ang lahat ng mga
kaaway ni David sa balat ng lupa. **16** Sa gayo'y nakipagtipan
si Jonathan sa sangbahayan ni David, na sinabi, At hihingin
ng Panginoon sa kamay ng mga kaaway ni David. **17** At
pinasumpa uli ni Jonathan si David dahil sa pagibig niya
sa kaniya: sapagka't kaniyang minamahal siya na gaya
ng pagmamahal niya sa kaniyang sariling kaluluwa. **18**
Nang magkagayo'y sinabi ni Jonathan sa kaniya, Bukas ay
bagong buwan, at ikaw ay pupunahin, sapagka't sa iyong
upuan ay walang nakaupo. **19** At pagtatagal mo ng tatlong
araw ay bababa kang madali at paroroon ka sa dakong
iyong pinagtaguan ng araw na pag-usapan ito, at ikaw ay
maghihintay sa tabi ng bato ng Ezel. **20** At ako'y papana
ng tatlong palaso sa dako niyaon na parang ako'y may
pinatatamaan. **21** At, narito, aking susuguin ang bata: Ikaw ay
yumaon na hanapin mo ang mga palaso. Kung aking sabihin
sa bata: Narito, ang mga palaso ay nangarito sa dako mo
rito: pagkunin mo, at parito ka; sapagka't may kapayapaan
sa iyo at walang anoman, buhay ang Panginoon. **22** Nguni't
kung aking sabihing ganito sa bata: Narito, ang mga palaso
ay nangasa dako mo pa roon: ituloy mo ang iyong lakad,
sapagka't pinayaon ka ng Panginoon. **23** At tungkol sa usap
na ating pinagsalitaan, narito, ang Panginoon ay nasa gitna
natin magpakailan man. **24** Sa gayo'y nagkubli si David sa
parang: at nang dumating ang bagong buwan, ang hari ay
umupong kumain. **25** At umupo ang hari sa kaniyang upuan
na gaya ng kinaugalian niya sa makatuwid baga'y sa upuang
nasa siping ng dinding; at tumayo si Jonathan, at umupo si
Abner sa siping ni Saul; nguni't sa upuan ni David ay walang
nakaupo. **26** Gayon ma'y hindi nagsalita si Saul ng anoman
sa araw na yaon: sapagka't kaniyang inisip: May bagay na
nangyari sa kaniya, siya'y hindi malinis; tunay na siya'y hindi
malinis. **27** At nangyari nang kinabukasan, pagkaraan ng
bagong buwan na ikalawang araw, na sa upuan ni David ay
walang nakaupo, sinabi ni Saul kay Jonathan na kaniyang
anak, Bakit hindi naparirito ang anak ni Isai upang kumain,
ni kahapon, ni ngayon man. **28** At sumagot si Jonathan kay
Saul, Namanhik si David na bayaan ko siya na pumaroon
sa Bethlehem: **29** At kaniyang sinabi, Isinasamo ko sa iyo
na payaunin mo ako; sapagka't ang aming angkan ay may
paghahain sa bayan; at iniutos sa akin ng aking kapatid na
dumoon; at ngayon, kung ako'y nakasumpong ng biyaya sa
iyong paningin, ay bayaan mo akong yumaon, isinasamo
ko sa iyo, at aking tingnan ang aking mga kapatid. Kaya
hindi siya naparito sa dulang ng hari. **30** Nang magkagayo'y
nagalab ang galit ni Saul laban kay Jonathan, at sinabi niya
sa kaniya, Ikaw ay anak ng masama at mapanghimagsik na
babae, hindi ko ba nalalaman na iyong pinili ang anak ni
Isai sa ikahihiya mo, at sa ikahihiya ng kahubaran ng iyong
ina? **31** Sapagka't habang nabubuhay ang anak ni Isai sa
ibabaw ng lupa, ikaw ay hindi mapapanatag ni ang iyong
kaharian man. Kaya ngayo'y iyong ipasundo at dalhin siya
sa akin, sapagka't siya'y walang pagsalang mamamatay.
**32** At sumagot si Jonathan kay Saul na kaniyang ama; at
nagsabi sa kaniya, Bakit siya papatayin? anong kaniyang
ginawa? **33** At inihandulong ni Saul ang kaniyang sibat sa
kaniya upang saktan siya; na doon nakilala ni Jonathan na
pasiya ng kaniyang ama na patayin si David. **34** Sa gayo'y
tumindig si Jonathan sa dulang na may mabangis na galit,
at hindi kumain sa ikalawang araw ng buwan: sapagka't
siya'y nagdalamhati dahil kay David, sapagka't hiniya siya ng
kaniyang ama. **35** At nangyari sa kinaumagahan, na si David
ay nilabas ni Jonathan sa parang sa takdang panahon, at
isang munting bata ang kasama niya. **36** At sinabi niya
sa kaniyang bataan, Takbo, hanapin mo ngayon ang mga
palaso na aking ipinana. At pagtakbo ng bataan, kaniyang
ipinana ang palaso sa dako roon niya. **37** At nang dumating
ang bataan sa dako ng palaso na ipinana ni Jonathan,
sinigawan ni Jonathan ang bataan, at sinabi, Hindi ba ang
palaso ay nasa dako mo pa roon? **38** At sinigawan ni
Jonathan ang bataan, Tulin, magmadali ka, huwag kang
tumigil. At pinulot ng bataan ni Jonathan ang mga palaso, at
naparoon sa kaniyang panginoon. **39** Nguni't hindi naalaman
ng bataan ang anoman: si Jonathan at si David lamang ang
nakaalam ng bagay. **40** At ibinigay ni Jonathan ang kaniyang

sandata sa kaniyang bataan, at sinabi sa kaniya, Yumaon
ka, dalhin mo sa bayan. 41 At pagkayaon ng bataan, si David
ay tumindig sa dakong tungo sa Timugan, at sumubsob
sa lupa, at yumukod na makaitlo: at sila'y naghalikan, at
umiyak kapuwa, hanggang si David ay humigit. 42 At sinabi
ni Jonathan kay David, Yumaon kang payapa, yamang tayo'y
kapuwa sumumpa sa pangalan ng Panginoon na nagsasabi,
Ang Panginoon ay lalagay sa gitna natin, at sa gitna ng
aking binhi at ng iyong binhi, magpakailan man. At siya'y
bumangon at yumaon: at pumasok si Jonathan sa bayan.

**21** Nang magkagayo'y naparoon si David sa Nob kay
Ahimelech na saserdote: at sinalubong si David ni
Ahimelech na nanginginig, at sinabi sa kaniya, Bakit ka
nagiisa, at walang taong kasama ka? 2 At si David ay
nagsabi kay Ahimelech na saserdote, Inutusan ako ng hari
ng isang bagay, at sinabi sa akin, Huwag maalaman ng
sinoman ang bagay na aking isinusugo sa iyo, at ang aking
iniutos sa iyo: at aking inilagay ang mga bataan sa gayo't
gayong dako. 3 Ngayon nga anong mayroon ka sa iyong
kamay? Bigyan mo ako ng limang tinapay sa aking kamay, o
anomang mayroon ka. 4 At sumagot ang saserdote kay
David, at nagsabi, Walang karaniwang tinapay sa aking
kamay, nguni't mayroong banal na tinapay; kung disin ang
mga bataan ay magpakalayo lamang sa mga babae. 5 At
sumagot si David sa saserdote, at nagsabi sa kaniya, Sa
katotohanan ang mga babae ay nalayo sa amin humigit
kumulang sa tatlong araw na ito; nang ako'y lumabas ang
mga daladalahan ng mga bataan ay banal, bagaman isang
karaniwang paglalakad; gaano pa kaya kabanal ngayon ang
kanilang mga daladalahan? 6 Sa gayo'y binigyan siya ng
saserdote ng banal na tinapay: sapagka't walang tinapay
roon, kundi tinapay na handog, na kinuha sa harap ng
Panginoon, upang lagyan ng tinapay na mainit sa araw
ng pagkuha. 7 Isang lalake nga sa mga lingkod ni Saul
ay naroon nang araw na yaon, na pinigil sa harap ng
Panginoon: at ang kaniyang pangalan ay Doeg na Idumeo,
na pinakapuno ng mga pastor na nauukol kay Saul. 8 At
sinabi ni David kay Ahimelech, At wala ka ba sa iyong
kamay na sibat o tabak? sapagka't hindi ko nadala kahit ang
aking tabak o ang aking mga sandata man, dahil sa ang
bagay ng hari ay madalian. 9 At sinabi ng saserdote, Ang
tabak ni Goliath na Filisteo, na iyong pinatay sa libis ng Ela,
narito, nabibilot sa isang kayo na nasa likod ng epod: kung
iyong kukunin yaon, kunin mo: sapagka't walang iba rito
liban yaon. At sinabi ni David, Walang ibang gaya niyaon;
ibigay mo sa akin. 10 At tumindig si David, at tumakas nang
araw na yaon dahil sa takot kay Saul, at naparoon kay Achis
na hari sa Gath. 11 At sinabi ng mga lingkod ni Achis sa
kaniya, Hindi ba ito'y si David na hari sa lupain? Hindi ba
pinagaawitanan siya sa mga sayaw, na sinasabi, Pinatay
ni Saul ang kaniyang libolibo, At ni David ang kaniyang
laksalaksa? 12 At iningatan ni David ang mga salitang ito sa
kaniyang puso, at natakot na mainam kay Achis na hari sa
Gath. 13 At kaniyang binago ang kaniyang kilos sa harap nila
at nagpakunwaring ulol sa kanilang mga kamay, at nagguhit
sa mga pinto ng pintuang-daan, at pinatulo ang kaniyang
laway sa kaniyang balbas. 14 Nang magkagayo'y sinabi ni
Achis sa kaniyang mga lingkod, Narito, tingnan ninyo ang
lalake ay ulol: bakit nga ninyo dinala siya sa akin? 15 Kulang
ba ako ng mga ulol, na inyong dinala ang taong ito upang
maglaro ng kaululan sa aking harapan? papasok ba ang
taong ito sa aking bahay?

**22** Umalis nga si David doon, at tumakas sa yungib ng
Adullam: at nang mabalitaan ng kaniyang mga kapatid
at ng sangbahayan ng kaniyang ama, kanilang nilusong siya
roon. 2 At bawa't isa na napipighati, at bawa't isa na may
utang, at bawa't isa na may kalumbayan ay nakipisan sa
kaniya; at siya'y naging punong kawal nila: at nagkaroon
siya ng may apat na raang tao. 3 At naparoon si David
mula roon sa Mizpa ng Moab, at kaniyang sinabi sa hari sa
Moab: Isinasamo ko sa iyo na ang aking ama at aking ina
ay makalabas, at mapasama sa inyo, hanggang sa aking
maalaman kung ano ang gagawin ng Dios sa akin. 4 At
kaniyang dinala sila sa harap ng hari sa Moab: at sila'y
tumahan na kasama niya buong panahon na si David ay
nasa moog. 5 At sinabi ng propetang si Gad kay David,
Huwag kang tumahan sa moog; ikaw ay yumaon at pumasok
sa lupain ng Juda. Nang magkagayo'y yumaon si David, at
pumasok sa gubat ng Hareth. 6 At nabalitaan ni Saul na
si David ay nasumpungan, at ang mga lalake na kasama
niya: si Saul nga'y nauupo sa Gabaa sa ilalim ng punong
tamarisko sa Rama, na tangan ang kaniyang sibat sa
kaniyang kamay, at ang lahat ng kaniyang mga lingkod ay
nakatayo sa palibot niya. 7 At sinabi ni Saul sa kaniyang
mga lingkod na nakatayo sa palibot niya, Dinggin ninyo
ngayon, mga Benjamita; bibigyan ba ng anak ni Isai ang
bawa't isa sa inyo ng mga bukiran at mga ubasan, gagawin
ba niya kayong lahat na mga punong kawal ng lilibuhin at
mga punong kawal ng dadaanin; 8 Upang kayong lahat ay
magsipagsuwail laban sa akin, at walang nagpakilala sa akin
nang gawin ng aking anak ang isang pakikipagtipan sa anak
ni Isai, at wala sinoman sa inyo na nagdamdam dahil sa akin,
o nagpakilala sa akin na ang aking anak ay humihikayat sa
aking lingkod laban sa akin upang bumakay, gaya sa araw
na ito? 9 Nang magkagayo'y sumagot si Doeg na Idumeo
na nakatayo sa siping ng mga lingkod ni Saul, at nagsabi,
Aking nakita ang anak ni Isai na naparoroon sa Nob, kay
Ahimelech na anak ni Ahitob. 10 At isinangguni niya siya sa

Panginoon, at binigyan siya ng mga pagkain, at ibinigay sa
kaniya ang tabak ni Goliath na Filisteo. 11 Nang magkagayo'y
ipinatawag ng hari si Ahimelech na saserdote na anak ni
Ahitob, at ang buong sangbahayan ng kaniyang ama, na
mga saserdote na nasa Nob, at sila'y naparoong lahat sa
hari. 12 At sinabi ni Saul, Iyong dinggin ngayon, ikaw na
anak ni Ahitob. At siya'y sumagot. Narito ako, panginoon ko.
13 At sinabi ni Saul sa kaniya, Bakit kayo ay nagsipagsuwail
laban sa akin, ikaw, at ang anak ni Isai, na iyong binigyan
siya ng tinapay, at ng tabak, at isinangguni siya sa Dios
upang siya'y bumangon laban sa akin na bumakay, gaya sa
araw na ito? 14 Nang magkagayo'y sumagot si Ahimelech
sa hari, at nagsabi, At sino sa gitna ng lahat ng iyong mga
lingkod ang tapat na gaya ni David, na manugang ng hari, at
tinatanggap sa iyong pulong, at karangaldangal sa iyong
bahay? 15 Pinasimulan ko bang isangguni siya ngayon sa
Dios? malayo sa akin: huwag ibintang ng hari ang anomang
bagay sa kaniyang lingkod, o sa buong sangbahayan man ng
aking ama: sapagka't walang nalalamang bagay ang iyong
lingkod tungkol sa lahat na ito, munti o malaki. 16 At sinabi
ng hari, Ikaw ay walang pagsalang mamamatay, Ahimelech,
ikaw at ang buong sangbahayan ng iyong ama. 17 At sinabi
ng hari sa bantay na nangakatayo sa palibot niya, Pumihit
kayo at patayin ninyo ang mga saserdote ng Panginoon;
sapagka't ang kanilang kamay man ay sumasa kay David,
at sapagka't kanilang nalaman na siya'y tumakas, at hindi
nila ipinakilala sa akin. Nguni't hindi inibig ng mga lingkod
ng hari na iunat ang kanilang kamay upang daluhungin
ang mga saserdote ng Panginoon. 18 At sinabi ng hari kay
Doeg: Pumihit ka, at iyong daluhungin ang mga saserdote.
At pumihit si Doeg na Idumeo, at kaniyang dinaluhong ang
mga saserdote, at kaniyang pinatay nang araw na yaon ay
walong pu't limang lalake na nagsusuot ng epod na lino. 19
At sinugatan ng talim ng tabak ang Nob, ang bayan ng mga
saserdote, ang mga lalake at gayon din ang mga babae,
ang mga bata at ang mga pasusuhin, at ang mga baka at
mga asno at mga tupa, ng talim ng tabak. 20 At isa sa mga
anak ni Ahimelech na anak ni Ahitob na nagngangalang
Abiathar ay tumanan, at tumakas na sumunod kay David. 21
At isinaysay ni Abiathar kay David na pinatay na ni Saul
ang mga saserdote ng Panginoon. 22 At sinabi ni David kay
Abiathar, Talastas ko nang araw na yaon na si Doeg na
Idumeo ay naroon, na kaniyang tunay na sasaysayin kay
Saul: ako'y naging kadahilanan ng kamatayan ng lahat ng
mga tao sa sangbahayan ng iyong ama. 23 Matira kang
kasama ko, huwag kang matakot; sapagka't siya na umuusig
ng aking buhay ay umuusig ng iyong buhay: sapagka't
kasama kita ay maliligtas ka.

23 At kanilang isinaysay kay David, na sinasabi, Narito,
ang mga Filisteo ay nakikipaglaban sa Keila, at kanilang
ninanakaw ang mga giikan. 2 Kaya't sumangguni si David sa
Panginoon, na nagsasabi, Yayaon ba ako at aking sasaktan
ang mga Filisteong ito? At sinabi ng Panginoon kay David,
Yumaon ka at iyong saktan ang mga Filisteo, at iligtas mo
ang Keila. 3 At sinabi ng mga lalake ni David sa kaniya,
Narito, tayo'y natatakot dito sa Juda: gaano pa nga kaya
kung tayo ay pumaroon sa Keila laban sa mga hukbo ng mga
Filisteo? 4 Nang magkagayo'y sumangguni uli si David sa
Panginoon. At sumagot ang Panginoon sa kaniya at sinabi,
Bumangon ka at lumusong ka sa Keila; sapagka't aking
ibibigay ang mga Filisteo, sa iyong kamay. 5 At si David at
ang kaniyang mga lalake ay naparoon sa Keila, at bumaka
sa mga Filisteo, at dinala ang kanilang kawan, at pinatay
nila sila ng malaking pagpatay. Gayon iniligtas ni David ang
mga tumatahan sa Keila. 6 At nangyari nang makatakas
si Abiathar na anak ni Ahimelech kay David sa Keila, na
siya'y lumusong na may isang epod sa kaniyang kamay. 7
At nasaysay kay Saul na si David ay naparoon sa Keila.
At sinabi ni Saul, Ibinigay ng Dios siya sa aking kamay;
sapagka't siya'y nasarhan sa kaniyang pagpasok sa isang
bayan na mayroong mga pintuang-bayan at mga halang. 8
At tinawag ni Saul ang buong bayan sa pakikidigma, upang
lumusong sa Keila na kubkubin si David at ang kaniyang
mga tao. 9 At naalaman ni David na nagiisip si Saul ng
masama laban sa kaniya; at kaniyang sinabi kay Abiathar na
saserdote, Dalhin mo rito ang epod. 10 Nang magkagayo'y
sinabi ni David, Oh Panginoon, na Dios ng Israel, tunay na
nabalitaan ng iyong lingkod na pinagsisikapan ni Saul na
pumaroon sa Keila, upang ipahamak ang bayan dahil sa
akin. 11 Ibibigay ba ako ng mga tao sa Keila sa kaniyang
kamay? lulusong ba si Saul ayon sa nabalitaan ng iyong
lingkod? Oh Panginoon, na Dios ng Israel, idinadalangin
ko sa iyo, na saysayin mo sa iyong lingkod. At sinabi ng
Panginoon, Siya'y lulusong. 12 Nang magkagayo'y sinabi ni
David, Ibibigay ba ng mga tao sa Keila ako at ang aking
mga tao sa kamay ni Saul? At sinabi ng Panginoon, Ibibigay
ka nila. 13 Nang magkagayo'y si David at ang kaniyang
mga tao na anim na raan, ay tumindig at umalis sa Keila,
at naparoon kung saan sila makakaparoon. At nasaysay
kay Saul na si David ay tumanan sa Keila, at siya'y tumigil
ng paglabas. 14 At si David ay tumahan sa ilang sa mga
katibayan, at nanira sa lupaing maburol sa ilang ng Ziph.
At pinag-uusig siya ni Saul araw-araw, nguni't hindi siya
ibinigay ng Dios sa kaniyang kamay. 15 At nakita ni David na
lumalabas si Saul upang usigin ang kaniyang buhay: at si
David ay nasa ilang ng Ziph sa gubat. 16 At si Jonathan na
anak ni Saul ay bumangon, at naparoon kay David sa gubat,

at pinagtibay ang kaniyang kamay sa Dios. 17 At sinabi
niya sa kaniya, Huwag kang matakot: sapagka't hindi ka
masusumpungan ng kamay ni Saul na aking ama; at ikaw
ay magiging hari sa Israel, at ako'y magiging pangalawa mo;
at nalalamang gayon ni Saul na aking ama. 18 At silang
dalawa ay nagtipanan sa harap ng Panginoon: at si David
ay tumahan sa gubat, at si Jonathan ay umuwi sa kaniyang
bahay. 19 Nang magkagayo'y inahon ng mga Zipheo si Saul,
sa Gabaa, na sinasabi, Hindi ba nagkukubli sa amin si David
sa mga katibayan sa gubat, sa burol ng Hachila, na nasa
timugan ng ilang? 20 Ngayon nga, Oh hari, lumusong ka,
ayon sa buong adhika ng iyong kalooban na lumusong; at
ang aming bahagi ay ibibigay sa kamay ng hari. 21 At sinabi
ni Saul, Pagpalain nawa kayo ng Panginoon; sapagka't
kayo'y nahabag sa akin. 22 Kayo'y yumaon, isinasamo ko sa
inyo, inyong turuling maigi, at alamin at tingnan ang kaniyang
kinaroroonan, at kung sino ang nakakita sa kaniya roon:
sapagka't nasaysay sa akin na siya'y nagpapakatalino. 23
Inyo ngang tingnan, at alamin ang mga kublihang dako na
kaniyang pinagtataguan, at bumalik kayo sa akin na may
katunayan, at ako'y paroroong kasama ninyo: at mangyayari,
kung siya'y nasa lupain, ay aking sisiyasatin siya sa gitna
ng lahat ng mga libolibo sa Juda. 24 At sila'y tumindig at
naparoon sa Ziph na nagpauna kay Saul: nguni't si David at
ang kaniyang mga tao ay nasa ilang ng Maon sa Araba sa
timugan ng ilang. 25 At si Saul at ang kaniyang mga tao ay
naparoon upang pag-usigin siya. At kanilang sinaysay kay
David: kaya't siya'y lumusong sa burol na bato at tumahan
sa ilang ng Maon. At nang mabalitaan ni Saul, kaniyang
hinabol si David sa ilang ng Maon. 26 At naparoon si Saul sa
dakong ito ng bundok, at si David at ang kaniyang mga tao
ay sa dakong yaon ng bundok: at si David ay nagmadaling
umalis dahil sa takot kay Saul; sapagka't kinukubkob ni Saul
at ng kaniyang mga tao si David at ang kaniyang mga tao
upang sila'y hulihin. 27 Nguni't dumating ang isang sugo kay
Saul, na nagsasabi, Magmadali ka at parito ka; sapagka't
ang mga Filisteo ay sumalakay sa lupain. 28 Sa gayo'y
bumalik si Saul na mula sa paghabol kay David, at naparoon
laban sa mga Filisteo: kaya't kanilang tinawag ang dakong
yaon na Sela-hammahlecoth. 29 At si David ay umahon
mula roon, at tumahan sa mga katibayan ng En-gaddi.

**24** At nangyari, nang si Saul ay bumalik na mula sa
paghabol sa mga Filisteo, na nasaysay sa kaniya, na
sinasabi, Narito, si David ay nasa ilang ng En-gaddi. 2 Nang
magkagayo'y kumuha si Saul ng tatlong libong piling lalake
sa buong Israel, at yumaong inusig si David at ang kaniyang
mga lalake sa mga bundok ng maiilap na kambing. 3 At
siya'y naparoon sa mga kulungan ng kawan sa daan, na
kinaroroonan ng isang yungib; at pumasok si Saul upang
takpan ang kaniyang mga paa. Si David nga at ang kaniyang
mga tao ay tumatahan sa pinakaloob na bahagi ng yungib.
4 At sinabi ng mga tao ni David sa kaniya, Narito, ang araw
na sinabi ng Panginoon sa iyo, Narito, aking ibibigay ang
iyong kaaway sa iyong kamay, at iyong gagawin sa kaniya
kung ano ang mabutihin mo. Nang magkagayo'y tumindig si
David at pinutol na lihim ang laylayan ng balabal ni Saul. 5
At nangyari pagkatapos, na nagdamdam ang puso ni David,
sapagka't kaniyang pinutol ang laylayan ng balabal ni Saul.
6 At kaniyang sinabi sa kaniyang mga lalake, Huwag itulot
ng Panginoon na ako'y gumawa ng ganitong bagay sa aking
panginoon, na pinahiran ng langis ng Panginoon, na aking
iunat ang aking kamay laban sa kaniya, yamang siya ang
pinahiran ng langis ng Panginoon. 7 Sa gayo'y pinigilan ni
David ang kaniyang mga tao ng mga salitang ito, at hindi
niya sila binayaang bumangon laban kay Saul. At tumindig si
Saul sa yungib at nagpatuloy ng kaniyang lakad. 8 Si David
naman ay tumindig pagkatapos, at lumabas sa yungib, at
hiniyawan si Saul, na sinasabi, Panginoon ko na hari. At
nang lumingon si Saul ay iniyukod ni David ang kaniyang
mukha sa lupa, at nagbigay galang. 9 At sinabi ni David
kay Saul, Bakit ka nakikinig sa mga salita ng mga tao, na
nagsasabi, Narito, pinagsisikapan kang saktan ni David? 10
Narito, nakita ngayon ng iyong mga mata kung paanong
ibinigay ka ngayon ng Panginoon sa aking kamay sa yungib:
at sinabi sa akin ng iba na patayin kita: nguni't hindi kita
inano; at aking sinabi, Hindi ko iuunat ang aking kamay laban
sa aking panginoon; sapagka't siya ang pinahiran ng langis
ng Panginoon. 11 Bukod dito'y iyong tingnan, ama ko, oo,
tingnan mo ang laylayan ng iyong balabal sa aking kamay:
sapagka't sa pagputol ko ng laylayan ng iyong balabal ay
hindi kita pinatay, talastasin mo at tingnan mo na wala kahit
kasamaan o pagsalangsang man sa aking kamay, at hindi
ako nagkasala laban sa iyo, bagaman iyong pinag-uusig ang
aking kaluluwa upang kunin. 12 Hatulan tayo ng Panginoon,
at ipanghiganti ako ng Panginoon sa iyo: nguni't ikaw ay hindi
ko pagbubuhatan ng kamay. 13 Gaya ng sabi ng kawikaan
ng mga matanda: Sa masama magmumula ang kasamaan:
nguni't ikaw ay hindi ko pagbubuhatan ng kamay. 14 Sinong
nilabas ng hari ng Israel? sinong hinahabol mo? isang patay
na aso, isang kuto. 15 Maging hukom nga ang Panginoon,
at hatulan tayo, at tingnan, at ipagsanggalang ang aking
usap, at iligtas ako sa iyong kamay. 16 At nangyari, nang
makatapos si David ng pagsasalita ng mga salitang ito kay
Saul, ay sinabi ni Saul, Ito ba ang iyong tinig, anak kong
David? At inilakas ni Saul ang kaniyang tinig, at umiyak.
17 At kaniyang sinabi kay David, Ikaw ay lalong matuwid
kay sa akin: sapagka't ikaw ay gumanti sa akin ng mabuti,
samantalang ikaw ay aking ginantihan ng kasamaan. 18 At

iyong ipinakilala sa araw na ito kung paanong gumawa ka
sa akin ng mabuti, sapagka't nang ibigay ako ng Panginoon
sa iyong kamay, ay hindi mo ako pinatay. **19** Sapagka't
kung masumpungan ng isang tao ang kaniyang kaaway,
pababayaan ba niyang yumaong mabuti? kaya't gantihan ka
nawa ng Panginoon ng mabuti dahil sa iyong ginawa sa
akin sa araw na ito. **20** At ngayo'y narito, talastas ko na
ikaw ay tunay na magiging hari, at ang kaharian ng Israel
ay matatatag sa iyong kamay. **21** Isumpa mo nga ngayon
sa akin sa pangalan ng Panginoon, na hindi mo puputulin
ang aking binhi pagkamatay ko, at hindi mo papawiin ang
aking pangalan sa sangbahayan ng aking magulang. **22** At
sumumpa si David kay Saul. At si Saul ay umuwi; nguni't si
David at ang kaniyang mga lalake ay umakyat sa katibayan.

**25** At namatay si Samuel; at nagpipisan ang buong Israel,
at pinanaghuyan siya, at inilibing siya sa kaniyang
bahay sa Rama. At bumangon si David, at lumusong sa
ilang ng Paran. **2** At may isang lalake sa Maon, na ang
mga pag-aari ay nasa Carmelo; at ang lalake ay lubhang
dakila, at siya'y mayroong tatlong libong tupa, at isang libong
kambing; at kaniyang ginugupitan ng balahibo ang kaniyang
tupa sa Carmelo. **3** Ang pangalan nga ng lalake ay Nabal; at
ang pangalan ng kaniyang asawa ay Abigail: at ang babae
ay matalino, at may magandang pagmumukha; nguni't ang
lalake ay masungit at masama sa kaniyang mga gawa; at
siya'y supling sa sangbahayan ni Caleb. **4** At narinig ni David
sa ilang na ginugupitan ni Nabal ng balahibo ang kaniyang
tupa. **5** At nagsugo si David ng sangpung bataan, at sinabi ni
David sa mga bataan, Umahon kayo sa Carmelo, at kayo'y
pumaroon kay Nabal, at batiin ninyo siya sa aking pangalan:
**6** At ganito ang sasabihin ninyo sa kaniya na nabubuhay na
maginhawa, Kapayapaan nawa ang sumaiyo, at kapayapaan
nawa ang sumaiyong sangbahayan, at kapayapaan nawa
ang suma lahat ng iyong tinatangkilik. **7** At ngayo'y aking
narinig na ikaw ay nagpapagupit ng balahibo ng tupa; ang
iyong mga pastor nga ay nasa sa amin, at hindi namin inano
sila, o nagkulang man ng anomang bagay sa kanilang buong
panahon na kanilang ikinaroon sa Carmelo. **8** Tanungin
mo ang iyong mga bataan at kanilang sasaysayin sa iyo:
kaya't makasumpong nawa ng biyaya sa iyong mga mata
ang mga bataan; sapagka't kami ay naparito sa mabuting
araw: isinasamo ko sa iyo, na ibigay mo ang anomang
masumpungan mo ng iyong kamay, sa iyong mga lingkod,
at sa iyong anak na kay David. **9** At nang dumating ang
mga bataan ni David, kanilang sinalita kay Nabal ang ayon
sa lahat ng mga salitang yaon sa pangalan ni David, at
nagsitahimik. **10** At sinagot ni Nabal ang mga lingkod ni
David, at nagsabi, Sino si David? at sino ang anak ni Isai?
maraming mga bataan ngayon sa mga araw na ito na
nagsisilayas bawa't isa sa kaniyang panginoon. **11** Akin
nga bang kukunin ang aking tinapay at ang aking tubig,
at ang aking hayop na aking pinatay dahil sa aking mga
manggugupit, at aking ibibigay sa mga tao na hindi ko
nakikilala kung taga saan? **12** Sa gayo'y ang mga bataan
ni David ay pumihit sa kanilang lakad, at nagsibalik, at
naparoon, at isinaysay sa kaniya ang ayon sa lahat ng
mga salitang ito. **13** At sinabi ni David sa kaniyang mga
lalake, Ibigkis ng bawa't isa sa inyo ang kaniyang tabak.
At nagbigkis ang bawa't isa ng kaniyang tabak; at si David
ay nagbigkis din ng kaniyang tabak: at ang umahon na
sumunod kay David ay may apat na raang lalake; at naiwan
ang dalawang daan sa daladalahan. **14** Nguni't isinaysay
ng isa sa mga bataan kay Abigail, na asawa ni Nabal, na
sinasabi, Narito, si David ay nagsugo ng mga sugo mula
sa ilang upang bumati sa ating panginoon; at kaniyang
tinanggihan. **15** Nguni't ang mga lalake ay napakabuti sa
amin, at hindi kami sinaktan, o nagkulang man ng anomang
bagay habang kami ay nakikisama sa kanila, nang kami ay
nasa mga parang: **16** Sila'y naging kuta sa amin sa gabi
at gayon din sa araw buong panahong aming ikinaroon sa
kanila sa pagaalaga ng mga tupa. **17** Ngayon nga'y iyong
alamin at dilidilihin kung ano ang iyong gagawin; sapagka't
ang kasamaan ay ipinasiya na laban sa ating panginoon, at
laban sa kaniyang buong sangbahayan: sapagka't siya'y
isang hamak na tao, na sinoma'y hindi makapakiusap sa
kaniya. **18** Nang magkagayo'y nagmadali si Abigail, at
kumuha ng dalawang daang tinapay, at dalawang balat ng
alak, at limang handang tupa, at limang takal ng trigo na
sinangag, at isang daang kumpol na pasas, at dalawang
daang binilong igos, at ipinagpapasan sa mga asno. **19**
At sinabi niya sa kaniyang mga bataan, Magpauna kayo
sa akin; narito ako'y susunod sa inyo. Nguni't hindi niya
isinaysay sa kaniyang asawang kay Nabal. **20** At nagkagayon
na samantalang siya'y nakasakay sa kaniyang asno at
lumulusong sa isang kubling dako ng bundok na narito,
si David at ang kaniyang mga lalake ay lumulusong na
patungo sa kaniya, at sinalubong niya sila. **21** Sinabi nga ni
David, Tunay na walang kabuluhang aking iningatan ang
lahat na tinatangkilik ng taong yaon sa ilang, na anopa't
hindi nawala ang anoman sa lahat na nauukol sa kaniya: at
kaniyang iginanti sa akin ay masama sa mabuti. **22** Hatulan
nawa ng Dios ang mga kaaway ni David, at lalo na, kung
ako'y magiwan ng labis sa lahat na nauukol sa kaniya sa
pagbubukang liwayway kahit isang batang lalake. **23** At nang
makita ni Abigail si David, ay nagmadali siya, at lumunsad sa
kaniyang asno, at nagpatirapa sa harap ni David at yumukod
sa lupa. **24** At siya'y nagpatirapa sa kaniyang mga paa at
nagsabi, Mapasa akin, panginoon ko, mapasa akin ang

kasamaan: at isinasamo ko sa iyo na iyong papagsalitain
ang iyong lingkod sa iyong mga pakinig, at iyong dinggin
ang mga salita ng iyong lingkod. 25 Isinasamo ko sa iyo, na
ang aking panginoon ay huwag makitungo sa lalaking ito na
hamak, sa makatuwid baga'y kay Nabal; sapagka't kung ano
ang kaniyang pangalan ay gayon siya: Nabal ang kaniyang
pangalan, at ang kamangmangan ay sumasakaniya: nguni't
akong iyong lingkod, hindi nakakita sa mga bataan ng aking
panginoon, na iyong sinugo. 26 Ngayon nga, panginoon
ko, buhay ang Panginoon, at buhay ang iyong kaluluwa,
yamang ikaw ay pinigil ng Panginoon sa pagbububo ng
dugo, at sa panghihiganti mo ng iyong sariling kamay kaya
nga ang iyong mga kaaway at yaong mga umuusig ng
kasamaan sa aking panginoon ay maging gaya ni Nabal.
27 At ngayo'y itong kaloob na dinala ng iyong lingkod sa
aking panginoon ay mabigay sa mga bataan na sumusunod
sa aking panginoon. 28 Isinasamo ko sa iyo na iyong
ipatawad ang pagkasalangsang ng iyong lingkod: sapagka't
tunay na gagawin ng Panginoon ang aking panginoon ng
isang sangbahayan na tiwasay, sapagka't ibinabaka ng
aking panginoon ang mga pagbabaka ng Panginoon; at ang
kasamaan ay hindi masusumpungan sa iyo sa lahat ng iyong
mga araw. 29 At bagaman bumangon ang isang lalake upang
habulin ka, at usigin ang iyong kaluluwa, gayon ma'y ang
kaluluwa ng aking panginoon ay matatali sa talian ng buhay
na kasama ng Panginoon mong Dios; at ang mga kaluluwa
ng iyong mga kaaway, ay pahihilagpusin niya, na parang
mula sa gitna ng isang panghilagpos. 30 At mangyayari,
pagka nagawa ng Panginoon sa aking panginoon ang ayon
sa lahat ng mabuti na kaniyang sinalita tungkol sa iyo,
at kaniyang naihalal ka na prinsipe sa Israel; 31 Na ito'y
hindi magiging kalumbayan sa iyo o kutog man ng loob
sa aking panginoon, maging ikaw ay nagbubo ng dugo sa
walang kabuluhan, o gumanti ng sa kaniyang sarili ang
aking panginoon: at pagka gumawa ang Panginoon ng
mabuti sa aking panginoon, alalahanin mo nga ang iyong
lingkod. 32 At sinabi ni David kay Abigail, Purihin nawa ang
Panginoon, ang Dios ng Israel, na nagsugo sa iyo sa araw
na ito upang salubungin ako: 33 At purihin nawa ang iyong
kabaitan, at pagpalain ka, na pumigil sa akin sa araw na
ito sa pagbububo ng dugo, at sa panghihiganti ng aking
sariling kamay. 34 Sapagka't tunay, buhay ang Panginoon,
ang Dios ng Israel na siyang pumigil sa akin sa pagsakit
sa iyo, kundi ka nagmadali, at pumaritong sumalubong sa
akin, tunay na walang malalabi kay Nabal sa pagbubukang
liwayway kahit isang batang lalake. 35 Sa gayo'y tinanggap
ni David sa kaniyang kamay ang dinala niya sa kaniya:
at sinabi niya sa kaniya, Umahon kang payapa na umuwi
sa iyong bahay; tingnan mo, aking dininig ang iyong tinig,
at aking tinanggap ang iyong pagkatao. 36 At naparoon
si Abigail kay Nabal; at, narito, siya'y gumawa ng isang
kasayahan sa kaniyang bahay, na gaya ng pagsasaya ng
isang hari; at ang puso ni Nabal ay nagalak sa kaniyang
loob, sapagka't siya'y lubhang nalango; kaya't siya'y hindi
nagsaysay sa kaniya ng anoman, munti o malaki, hanggang
sa pagbubukang liwayway. 37 At nangyari sa kinaumagahan,
nang ang alak ay mapawi kay Nabal, na isinaysay ng asawa
niya sa kaniya ang mga bagay na ito, at nagkasakit siya sa
puso, at siya'y naging parang isang bato. 38 At nangyari,
pagkaraan ng may sangpung araw, at sinaktan ng Panginoon
si Nabal, na anopa't siya'y namatay. 39 At nang mabalitaan
ni David na si Nabal ay namatay, ay kaniyang sinabi, Purihin
nawa ang Panginoon na siyang nagsanggalang ng aking
kadustaan mula sa kamay ni Nabal, at pinigil ang kaniyang
lingkod sa kasamaan: at ang masamang gawa ni Nabal ay
ibinalik ng Panginoon sa kaniyang sariling ulo. At nagsugo si
David upang salitain kay Abigail na kunin siya na maging
asawa niya. 40 At nang dumating ang mga lingkod ni David
kay Abigail sa Carmelo, ay kanilang sinalita sa kaniya, na
sinasabi, Sinugo kami ni David sa iyo, upang kunin ka na
maging asawa niya. 41 At siya'y bumangon at nagpatirapa
sa lupa, at nagsabi, Narito, ang iyong lingkod ay isang aba
upang maghugas ng mga paa ng mga lingkod ng aking
panginoon. 42 At nagmadali si Abigail, at bumangon, at
sumakay sa isang asno, na kasama ng limang dalaga niya
na sumusunod sa kaniya; at siya'y sumunod sa mga sugo ni
David, at naging kaniyang asawa. 43 Kinuha naman ni David
si Ahinoam, na taga Jezreel; at sila'y kapuwa naging asawa
niya. 44 Ngayo'y ibinigay ni Saul si Michal na kaniyang anak,
na asawa ni David, kay Palti na anak ni Lais na taga Gallim.

**26** At naparoon ang mga Zipheo kay Saul sa Gabaa, na
nagsasabi, Hindi ba nagtatago si David sa burol ng
Hachila, sa tapat ng ilang? 2 Nang magkagayo'y bumangon
si Saul at lumusong sa ilang ng Ziph, na may tatlong libong
piling lalake sa Israel na kasama niya upang hanapin si
David sa ilang ng Ziph. 3 At humantong si Saul sa burol ng
Hachila na nasa tapat ng ilang sa tabi ng daan. Nguni't si
David ay tumahan sa ilang, at kaniyang nakita na sinusundan
siya ni Saul sa ilang. 4 Nagsugo nga si David ng mga tiktik,
at nalaman na tunay na dumarating si Saul. 5 At si David
ay bumangon at naparoon sa dakong kinahahantungan
ni Saul: at nakita ni David ang dakong kinaroroonan ni
Saul at ni Abner na anak ni Ner, na kapitan ng kaniyang
hukbo: at si Saul ay nakahiga sa dako ng mga karo, at ang
bayan ay humantong sa palibot niya. 6 Nang magkagayo'y
sumagot si David, at nagsabi kay Ahimelech na Hetheo,
at kay Abisai na anak ni Sarvia, na kapatid ni Joab, na
nagsasabi, Sinong lulusong na kasama ko kay Saul sa

kampamento? At sinabi ni Abisai, Ako'y lulusong na kasama
mo. 7 Sa gayo'y naparoon si David at si Abisai sa bayan sa
kinagabihan: at, narito, si Saul ay nakatulog sa loob ng dako
ng mga karo na dala ang kaniyang sibat na nakasaksak
sa lupa sa kaniyang ulunan: at si Abner at ang bayan ay
nakahiga sa palibot niya. 8 Nang magkagayo'y sinabi ni
Abisai kay David, Ibinigay ng Dios ang iyong kaaway sa
iyong kamay sa araw na ito: ngayon nga'y isinasamo ko sa
iyo, na bayaan mong tuhugin ko siya ng sibat sa lupa sa
isang saksak, at hindi ko pagmamakalawahin. 9 At sinabi
ni David kay Abisai, Huwag mong patayin siya: sapagka't
sinong maguunat ng kaniyang kamay laban sa pinahiran ng
langis ng Panginoon at mawawalan ng sala? 10 At sinabi ni
David, Buhay ang Panginoon, ang Panginoon ay siyang
sasakit sa kaniya; o darating ang kaniyang kaarawan upang
mamatay; o siya'y lulusong sa pagbabaka, at mamamatay.
11 Huwag itulot ng Panginoon na aking iunat ang aking
kamay laban sa pinahiran ng langis ng Panginoon: nguni't
ngayo'y iyong kunin, isinasamo ko sa iyo, ang sibat na nasa
kaniyang ulunan, at ang banga ng tubig, at tayo'y yumaon.
12 Sa gayo'y kinuha ni David ang sibat at ang banga ng tubig
sa ulunan ni Saul; at sila'y umalis, at walang nakakita, o
nakaalam man, o nagising man ang sinoman: sapagka't
sila'y pawang mga tulog; sapagka't isang mahimbing na
pagkakatulog ang inihulog sa kanila ng Panginoon. 13
Nang magkagayo'y dumaan si David sa kabilang dako, at
tumayo sa taluktok ng bundok na may kalayuan; na may
malaking pagitan sa kanila: 14 At sumigaw si David sa
bayan at kay Abner na anak ni Ner, na nagsabi, Hindi ka
sumasagot, Abner? Nang magkagayo'y sumagot si Abner
at nagsabi, Sino kang sumisigaw sa hari? 15 At sinabi
ni David kay Abner, Hindi ka ba matapang na lalake? at
sinong gaya mo sa Israel? bakit nga hindi mo binantayan
ang iyong panginoon na hari? sapagka't pumasok ang isa
sa bayan upang patayin ang hari na iyong panginoon. 16
Ang bagay na ito na iyong ginawa ay hindi mabuti. Buhay
ang Panginoon, kayo'y marapat na mamatay, sapagka't
hindi ninyo binantayan ang inyong panginoon, ang pinahiran
ng langis ng Panginoon. At ngayo'y tingnan ninyo kung
saan nandoon ang sibat ng hari, at ang banga ng tubig na
nasa kaniyang ulunan. 17 At nakilala ni Saul ang tinig ni
David at nagsabi, Ito ba ang tinig mo, anak kong David?
At sinabi ni David, Aking tinig nga, panginoon ko, Oh hari.
18 At kaniyang sinabi, Bakit hinahabol ng aking panginoon
ang kaniyang lingkod? sapagka't anong aking ginawa? o
anong kasamaan ang nasa aking kamay? 19 Ngayon nga,
isinasamo ko sa iyo, na dinggin ng aking panginoon na hari
ang mga salita ng kaniyang lingkod. Kung ang Panginoon ay
siyang nagudyok sa iyo laban sa akin, ay tumanggap siya ng
isang handog: nguni't kung ang mga anak ng tao, sumpain
sila sa harap ng Panginoon; sapagka't sila'y nagpalayas
sa akin sa araw na ito upang huwag akong magkaroon
ng bahagi ng mana sa Panginoon, na nagsasabi, Ikaw ay
yumaon, maglingkod ka sa ibang mga dios. 20 Ngayon
nga'y huwag ibubo ang aking dugo sa lupa sa harap ng
Panginoon; sapagka't lumabas ang hari sa Israel upang
humanap ng isang kuto, gaya ng isang humahabol ng isang
pugo sa mga bundok. 21 Nang magkagayo'y sinabi ni Saul,
Ako'y nagkasala: bumalik ka, anak kong David: sapagka't
hindi na ako gagawa ng masama sa iyo, sapagka't ang
aking buhay ay mahalaga sa iyong mga mata sa araw na
ito: narito, ako'y nagpakamangmang, at ako'y nagkamali ng
di kawasa. 22 At sumagot si David at nagsabi, Tingnan mo
ang sibat, Oh hari! paparituhin mo ang isa sa mga bataan at
kunin. 23 At gagantihin ng Panginoon ang bawa't tao sa
kaniyang katuwiran at sa kaniyang pagtatapat: sapagka't
ibinigay ka ng Panginoon sa aking kamay ngayon, at hindi
ko iniunat ang aking kamay laban sa pinahiran ng langis ng
Panginoon. 24 At, narito, kung paanong ang iyong buhay
ay mahalagang mainam sa aking paningin sa araw na ito,
ay maging gayon nawang mahalagang mainam ang aking
buhay sa paningin ng Panginoon, at iligtas niya nawa ako sa
madlang kapighatian. 25 Nang magkagayo'y sinabi ni Saul
kay David, Pagpalain ka, anak kong David: ikaw ay gagawa
na makapangyarihan, at tunay na ikaw ay mananaig. Sa
gayo'y nagpatuloy si David ng kaniyang lakad, at si Saul ay
bumalik sa kaniyang dako.

27 At nasabi ni David sa kaniyang sarili, Ako'y mamamatay
isang araw sa kamay ni Saul: walang anomang bagay
na mabuti sa akin kundi ang tumakas sa lupain ng mga
Filisteo; at si Saul ay mawawalan ng pagasa tungkol sa
akin, upang huwag na akong pag-usigin sa lahat ng mga
hangganan ng Israel: sa gayo'y tatakas ako mula sa kaniyang
kamay. 2 At si David ay bumangon at lumipat, siya at
ang anim na raang lalake na nasa kaniya, kay Achis na
anak ni Maoch na hari sa Gath. 3 At tumahan si David
na kasama ni Achis sa Gath, siya at ang kaniyang mga
lalake, bawa't lalake ay kasama ang kaniyang sangbahayan,
sa makatuwid baga'y si David pati ng kaniyang dalawang
asawa, si Ahinoam na taga Jezreel at si Abigail na taga
Carmelo na asawa ni Nabal. 4 At nasaysay kay Saul na si
David ay tumakas na napatungo sa Gath: at hindi na niya
pinagusig siya uli. 5 At sinabi ni David kay Achis, Kung
ngayo'y nakasumpong ako ng biyaya sa iyong paningin,
bigyan nila ako ng isang matatahanan sa isa sa mga bayan
sa lupain, upang ako'y tumahan doon: sapagka't bakit
tatahan kasama mo ang iyong lingkod sa bayan ng hari? 6
Nang magkagayo'y ibinigay ni Achis sa kaniya ang Siclag

nang araw na yaon: kaya't ang Siclag ay nauukol sa mga
hari sa Juda hanggang sa araw na ito. **7** At ang bilang ng
mga araw na itinahan ni David sa lupain ng mga Filisteo ay
isang buong taon, at apat na buwan. **8** At umahon si David at
ang kaniyang mga lalake, at sinalakay ang mga Gesureo, at
ang mga Gerzeo, at ang mga Amalecita; sapagka't ang mga
yaon ay dating nanganananahan sa lupain, mula nang gaya
ng kung ikaw ay paroroon sa Shur, hanggang sa lupain ng
Egipto. **9** At sinaktan ni David ang lupain, at walang iniligtas
na buhay kahit lalake o babae man, at dinala ang mga tupa
at ang mga baka, at ang mga asno, at ang mga kamelyo,
at ang mga kasuutan; at siya'y bumalik, at naparoon kay
Achis. **10** At sinabi ni Achis, Saan kayo sumalakay ngayon?
At sinabi ni David, Laban sa Timugan ng Juda, at laban
sa Timugan ng mga Jerameeliteo, at laban sa Timugan
ng mga Cineo. **11** At walang iniligtas na buhay si David
kahit ng lalake o ng babae man, upang dalhin sa Gath, na
sinasabi, Baka sila'y magsumbong laban sa atin, na sabihin,
Ganoon ang ginawa ni David, at gayon ang kaniyang paraan
sa buong panahon na kaniyang itinahan sa lupain ng mga
Filisteo. **12** At naniwala si Achis kay David, na nagsasabi,
Kaniyang ginawa na ang kaniyang bayang Israel ay lubos
na nakayayamot sa kaniya: kaya't siya'y magiging aking
lingkod magpakailan man.

**28** At nangyari sa mga araw na yaon, na pinisan ng
mga Filisteo ang kanilang mga hukbo sa pakikidigma
upang lumaban sa Israel. At sinabi ni Achis kay David,
Talastasin mong maigi na ikaw ay lalabas na kasama ko
sa hukbo, ikaw at ang inyong mga lalake. **2** At sinabi
ni David kay Achis, Kaya't iyong nalalaman kung anong
gagawin ng iyong lingkod. At sinabi ni Achis kay David,
Kaya't gagawin kitang bantay sa aking ulo magpakailan
man. **3** Si Samuel nga ay namatay, at pinanaghuyan ng
buong Israel at inilibing siya sa Rama, sa makatuwid baga'y
sa kaniyang sariling bayan. At pinalayas ni Saul sa lupain,
yaong mga nakikipagsanggunian sa masamang espiritu, at
ang mga manghuhula. **4** At nagpipisan ang mga Filisteo,
at naparoon at humantong sa Sunam: at pinisan ni Saul
ang buong Israel, at sila'y humantong sa Gilboa. **5** At nang
makita ni Saul ang hukbo ng mga Filisteo, siya'y natakot,
at ang kaniyang puso ay nanginig na mainam. **6** At nang
magusisa si Saul sa Panginoon, ay hindi siya sinagot ng
Panginoon, maging sa panaginip man, ni sa Urim man, ni sa
pamamagitan man ng mga propeta. **7** Nang magkagayo'y
sinabi ni Saul sa kaniyang mga lingkod, Ihanap ninyo ako
ng isang babae na nakikipagsanggunian sa masamang
espiritu, upang ako'y pumaroon sa kaniya, at magusisa sa
kaniya. At sinabi ng kaniyang mga lingkod sa kaniya. Narito,
may isang babae na nakikipagsanggunian sa masamang
espiritu sa Endor. **8** At hindi napakilala si Saul, at nagsuot ng
ibang kasuutan, at naparoon siya at ang dalawang lalake na
kasama niya, at sila'y dumating sa babae nang kinagabihan:
at kaniyang sinabi, Hulaan mo ako isinasamo ko sa iyo, sa
pamamagitan ng sinasanggunian mong espiritu, at iahon
mo sa akin sinomang banggitin ko sa iyo. **9** At sinabi
ng babae sa kaniya, Narito, iyong nalalaman ang ginawa
ni Saul, kung paanong kaniyang inihiwalay yaong mga
nakikipagsanggunian sa masamang espiritu, at ang mga
manghuhula, sa lupain: bakit nga ipinaglalagay mo ng silo
ang aking buhay, upang ipapatay ako? **10** At sumumpa si
Saul sa kaniya sa pamamagitan ng Panginoon, na sinasabi,
Buhay ang Panginoon, walang parusang mangyayari sa
iyo dahil sa bagay na ito. **11** Nang magkagayo'y sinabi
ng babae, Sinong iaahon ko sa iyo? At kaniyang sinabi,
Iahon mo si Samuel sa akin. **12** At nang makita ng babae
si Samuel, ay sumigaw ng malakas na tinig at nagsalita
ang babae kay Saul, na sinasabi, Bakit mo ako dinaya?
sapagka't ikaw ay si Saul. **13** At sinabi ng hari sa kaniya,
Huwag kang matakot: sapagka't anong iyong nakikita? At
sinabi ng babae kay Saul, Aking nakikita'y isang dios na
lumilitaw sa lupa. **14** At kaniyang sinabi sa kaniya, Ano ang
kaniyang anyo? At sinabi niya, Isang matandang lalake ay
lumilitaw; at siya'y nabibilot ng isang balabal. At nakilala ni
Saul, na si Samuel, at siya'y yumukod sa lupa, at nagbigay
galang. **15** At sinabi ni Samuel kay Saul, Bakit mo binagabag
ako sa aking pagahon? At sumagot si Saul, Ako'y totoong
naliligalig; sapagka't ang mga Filisteo ay nangdidigma laban
sa akin, at ang Dios ay humiwalay sa akin, at hindi na ako
sinasagot, kahit sa pamamagitan ng mga propeta, ni ng
panaginip man: kaya tinawag kita, upang maipakilala mo sa
akin kung ano ang aking gagawin. **16** At sinabi ni Samuel,
Bakit nga nagtatanong ka sa akin, dangang ang Panginoon
ay humiwalay sa iyo, at naging iyong kaaway? **17** At ginawa
ng Panginoon ang gaya ng sinalita niya sa pamamagitan ko:
at inihiwalay ng Panginoon ang kaharian sa iyong kamay, at
ibinigay sa iyong kapuwa, sa makatuwid baga'y kay David.
**18** Sapagka't hindi mo sinunod ang tinig ng Panginoon, at
hindi mo ginawa ang kaniyang mabagsik na galit sa Amalec,
kaya't ginawa ng Panginoon ang bagay na ito sa iyo sa araw
na ito. **19** Bukod dito'y ibibigay ng Panginoon ang Israel
naman na kalakip mo sa kamay ng mga Filisteo: at bukas,
ikaw at ang iyong mga anak ay masasama sa akin: ibibigay
naman ng Panginoon ang hukbo ng Israel sa kamay ng mga
Filisteo. **20** Nang magkagayo'y biglang nabulagta si Saul
sa lupa, at siya'y natakot na mainam, dahil sa mga salita
ni Samuel; at nawalan siya ng lakas; sapagka't hindi siya
kumain ng tinapay buong araw, ni buong gabi man. **21** At
naparoon ang babae kay Saul at nakita na siya'y totoong

bagabag, at sinabi sa kaniya, Narito, narinig ng iyong lingkod
ang iyong tinig, at aking inilagay ang aking buhay sa aking
kamay, at aking dininig ang iyong mga salita na iyong sinalita
sa akin. 22 Ngayon nga, isinasamo ko sa iyo, iyong dinggin
naman ang tinig ng iyong lingkod, at papaglagyin mo ako ng
isang subo na tinapay sa harap mo; at iyong kanin upang
ikaw ay lumakas, paglakad mo ng iyong lakad. 23 Nguni't
siya'y tumanggi at nagsabi, Hindi ako kakain. Nguni't ipinilit
ng kaniyang mga lingkod na pati ng babae; at dininig niya
ang kanilang tinig. Sa gayo'y siya'y bumangon sa lupa, ay
umupo sa higaan. 24 At ang babae ay mayroong isang
matabang guyang baka sa bahay; at siya'y nagmadali, at
pinatay niya; at siya'y kumuha ng harina at kaniyang minasa,
at kaniyang niluto na tinapay na walang lebadura; 25 At
kaniyang dinala sa harap ni Saul, at sa harap ng kaniyang
mga lingkod; at sila'y kumain. Nang magkagayo'y sila'y
bumangon, at umalis nang gabing yaon.

**29** Pinisan nga ng mga Filisteo ang lahat nilang hukbo sa
Aphec: at ang mga taga Israel ay humantong sa bukal
na nasa Jezreel. 2 At ang mga pangulo ng mga Filisteo
ay nagdadaan na mga daan daan, at mga libolibo: at si
David at ang kaniyang mga tao ay nagdadaan sa mga huli
na kasama ni Achis. 3 Nang magkagayo'y sinabi ng mga
prinsipe ng mga Filisteo, Ano ang mga Hebreong ito? At
sumagot si Achis sa mga prinsipe ng mga Filisteo, Hindi ba
ito ay si David na lingkod ni Saul na hari sa Israel na napasa
akin ng mga araw na ito, o ng mga taong ito, at hindi ako
nakasumpong ng anomang kakulangan sa kaniya mula nang
siya'y lumapit sa akin hanggang sa araw na ito? 4 Nguni't ang
mga prinsipe ng mga Filisteo ay nagalit sa kaniya; at sinabi
ng mga prinsipe ng mga Filisteo sa kaniya, Pabalikin mo ang
taong iyan, upang siya'y bumalik sa kaniyang dako na iyong
pinaglagyan sa kaniya, at huwag mong pababain na kasama
natin sa pakikipagbaka, baka sa pagbabaka ay maging
kaaway natin siya: sapagka't paanong makikipagkasundo ito
sa kaniyang panginoon? hindi ba sa pamamagitan ng mga
ulo ng mga taong ito? 5 Hindi ba ito ang David na siyang
kanilang pinagaawitanan sa mga sayaw, na sinasabi, Pinatay
ni Saul ang kaniyang libolibo, At ni David ang kaniyang
laksalaksa? 6 Nang magkagayo'y tinawag ni Achis si David,
at sinabi sa kaniya, Buhay ang Panginoon, ikaw ay matuwid,
at ang iyong paglabas at ang iyong pagpasok na kasama ko
sa hukbo ay mabuti sa aking paningin: sapagka't hindi ako
nakasumpong ng kasamaan sa iyo mula sa araw ng iyong
pagdating sa akin hanggang sa araw na ito: gayon ma'y hindi
ka kinalulugdan ng mga pangulo. 7 Kaya't ngayo'y ikaw ay
bumalik at yumaong payapa, upang huwag kang kagalitan
ng mga pangulo ng mga Filisteo. 8 At sinabi ni David
kay Achis, Nguni't anong aking ginawa? at anong iyong
nasumpungan sa iyong lingkod habang ako'y nasa sa harap
mo hanggang sa araw na ito, upang ako'y huwag yumaon at
lumaban sa mga kaaway ng aking panginoon na hari? 9 At
sumagot si Achis, at sinabi kay David, Talastas ko na ikaw
ay mabuti sa aking paningin, na gaya ng isang anghel ng
Dios: gayon ma'y sinabi ng mga prinsipe ng mga Filisteo.
Hindi siya aahon na kasama natin sa pakikipagbaka. 10
Kaya't bumangon kang maaga sa kinaumagahan na kasama
ng mga lingkod ng iyong panginoon na naparitong kasama
mo; at pagbangon ninyong maaga sa kinaumagahan, at
pagliliwanag ay yumaon kayo. 11 Sa gayo'y bumangong
maaga si David, siya at ang kaniyang mga lalake, upang
yumaon sa kinaumagahan, na bumalik sa lupain ng mga
Filisteo. At ang mga Filisteo ay umahon sa Jezreel.

**30** At nangyari, nang si David at ang kaniyang mga
lalake ay dumating sa Siclag, sa ikatlong araw, na ang
mga Amalecita ay sumalakay sa Timugan, at sa Siclag, at
sinaktan ang Siclag, at sinunog ng apoy; 2 At dinalang bihag
ang mga babae at lahat na nandoon, ang maliliit at gayon
din ang malalaki; hindi nila pinatay ang sinoman, kundi
kanilang pinagdadala, at nagpatuloy ng kanilang lakad. 3
At nang si David at ang kaniyang mga lalake ay dumating
sa bayan, narito, sinunog ng apoy; at ang kanilang mga
asawa, at ang kanilang mga anak na lalake at babae ay
pinagdadalang bihag. 4 Nang magkagayo'y si David at ang
bayan na nasa kaniya ay naglakas ng tinig, at umiyak,
hanggang sa sila'y nawalan ng lakas na umiyak. 5 At ang
dalawang asawa ni David ay nabihag, si Ahinoam na taga
Jezreel, at si Abigail, na asawa ni Nabal, na taga Carmelo. 6
At nagdalamhating totoo si David, sapagka't pinagsasalitaan
ng bayan na batuhin siya, sapagka't ang kaluluwa ng buong
bayan ay pumanglaw, bawa't tao dahil sa kanikaniyang mga
anak na lalake at babae; nguni't si David ay nagpakatibay sa
Panginoon niyang Dios. 7 At sinabi ni David kay Abiathar
na saserdote, na anak ni Ahimelech, Isinasamo ko sa iyo
na dalhin mo rito ang epod. At dinala doon ni Abiathar ang
epod kay David. 8 At sumangguni si David sa Panginoon, na
nagsasabi, Kung aking habulin ang pulutong na ito, ay akin
kayang aabutan sila? At sinagot niya siya, Iyong habulin:
sapagka't tunay na iyong aabutan, at walang pagsalang
mababawi mo ang lahat. 9 Sa gayo'y yumaon si David, siya
at ang anim na raang lalake na kasama niya, at naparoon sa
batis ng Besor, na kinaroroonan niyaong mga naiwan sa
likuran. 10 Nguni't hinabol ni David, niya at ng apat na raang
lalake: sapagka't ang dalawang daan natira sa likuran, na
mga pata na hindi na nakatawid sa batis ng Besor: 11 At sila'y
nakasumpong ng isang taga Egipto sa parang, at dinala nila
siya kay David, at binigyan nila siya ng tinapay, at kumain:
at binigyan nila siya ng tubig na mainom: 12 At binigyan

nila siya ng isang putol ng binilong igos, at dalawang buwig
na ubas; at nang kaniyang makain, ang kaniyang diwa ay
nagsauli uli sa kaniya: sapagka't hindi siya nakakain ng
tinapay o nakainom man ng tubig, na tatlong araw at tatlong
gabi. **13** At sinabi ni David sa kaniya, Kanino ka ba nauukol?
at taga saan ka? At sinabi niya, Ako'y isang binatang taga
Egipto, bataan ng isang Amalecita; at iniwan ako ng aking
panginoon, sapagka't tatlong araw na ako'y nagkasakit. **14**
Kami ay sumalakay sa Timugan ng mga Ceretheo, at sa
nauukol sa Juda, at sa Timugan ng Caleb; at aming sinunog
ng apoy ang Siclag. **15** At sinabi ni David sa kaniya, Ilulusong
mo ba ako sa pulutong na ito? At kaniyang sinabi, Ipanumpa
mo sa akin ang Dios, hindi mo ako papatayin, o ibibigay man
sa mga kamay ng aking panginoon, at aking ilulusong ka sa
pulutong na ito. **16** At nang kaniyang mailusong, narito, sila'y
nangangalat sa buong lupa, na nagkakainan at nagiinuman,
at nagkakasayahan, dahil sa lahat na malaking samsam na
kanilang nakuha sa lupain ng mga Filisteo, at sa lupain ng
Juda. **17** At sinaktan ni David sila mula sa pagtatakip silim
hanggang sa paglubog ng araw sa sumunod na araw: at
walang taong nakatanan sa kanila liban sa apat na raang
bataan na nakasakay sa mga kamelyo at tumakas. **18** At
binawi ni David ang lahat na nakuha ng mga Amalecita:
at iniligtas ni David ang kaniyang dalawang asawa. **19** At
walang nagkulang sa kanila, kahit maliit o malaki man, kahit
mga anak na lalake o babae man, kahit samsam man, kahit
anomang bagay na nakuha nila sa kanila: ibinalik na lahat ni
David. **20** At kinuha ni David ang lahat ng kawan at bakahan,
na kanilang dinala na nasa unahan niyaong mga ibang
hayop, at sinabi, Ito'y samsam ni David. **21** At naparoon si
David sa dalawang daang lalake, na totoong mga pata na
hindi nangakasunod kay David, na kanila namang pinatahan
sa batis ng Besor; at sila'y lumabas upang salubungin si
David, at upang salubungin ang mga taong kasama niya: at
nang lumapit si David sa bayan, siya'y bumati sa kanila. **22**
Nang magkagayo'y sumagot ang lahat ng masamang tao,
at mga tao na hamak, sa mga yumaong kasama ni David,
at nagsabi, Sapagka't hindi sila yumaong kasama namin,
hindi namin bibigyan sila ng samsam na aming nabawi, liban
sa bawa't lalake ay ang kaniyang asawa at ang kaniyang
mga anak, upang kanilang dalhin, at yumaon. **23** Nang
magkagayo'y sinabi ni David, Huwag ninyong gagawing
gayon, mga kapatid ko, sa ibinigay sa atin ng Panginoon,
na siyang nagadya sa atin, at nagbigay sa ating kamay ng
pulutong na naparito laban sa atin. **24** At sino ang didinig sa
inyo sa bagay na ito? sapagka't kung gaano ang bahagi
ng lumusong sa pakikipagbaka, ay gayon ang bahagi ng
naiwan sa daladalahan: sila'y paraparang magkakabahagi.
**25** At nagkagayon, na mula sa araw na yaon, na siya'y
gumawa ng isang palatuntunan at ayos sa Israel, hanggang
sa araw na ito. **26** At nang dumating si David sa Siclag,
siya'y nagpadala ng mga samsam sa mga matanda sa Juda,
sa makatuwid baga'y sa kaniyang mga kaibigan, na sinasabi,
Narito, ang isang kaloob sa inyo na mula sa samsam sa
mga kaaway ng Panginoon; **27** Sa kanila na nasa Beth-el, at
sa kanila na nasa Ramoth ng Timugan, at sa kanila na nasa
Jathir; **28** At sa kanila na nasa Aroer, at sa kanila na nasa
Siphmoth, at sa kanila na nasa Esthemoa; **29** At sa kanila
na nasa Rachal, at sa kanila na nasa mga bayan ng mga
Jerameelita, at sa kanila na nasa mga bayan ng mga Cineo;
**30** At sa kanila na sa Horma, at sa kanila na nasa Chorasan,
at sa kanila na nasa Athach; **31** At sa kanila na nasa Hebron,
at sa lahat na dako na karaniwang pinaroroonan ni David at
ng kaniyang mga lalake.

**31** Ang mga Filisteo nga ay lumaban sa Israel: at ang
mga lalake sa Israel ay tumakas sa harap ng mga
Filisteo, at nangabuwal na patay sa bundok ng Gilboa.
**2** At hinabol ng panunod ng mga Filisteo si Saul at ang
kaniyang mga anak; at pinatay ng mga Filisteo si Jonathan,
at si Abinadab, at si Melchisua, na mga anak ni Saul. **3** At
ang pagbabaka ay lumubha laban kay Saul, at inabutan
siya ng mga mamamana; at siya'y totoong nahirapan dahil
sa mga mamamana. **4** Nang magkagayo'y sinabi ni Saul
sa kaniyang tagadala ng sandata, Bunutin mo ang iyong
tabak at palagpasan mo ako niyaon; baka dumating ang
mga hindi tuling ito at ako'y palagpasan, at ako'y kanilang
pahirapan. Nguni't ayaw ang kaniyang tagadala ng sandata;
sapagka't siya'y totoong natakot. Kaya't kinuha ni Saul ang
kaniyang tabak, at nagpakabuwal sa kaniyang tabak. **5** At
nang makita ng kaniyang tagadala ng sandata na si Saul ay
patay, siya naman ay nagpakabuwal sa kaniyang tabak, at
nagpakamatay na kasama niya. **6** Gayon namatay si Saul,
at ang kaniyang tatlong anak, at ang kaniyang tagadala ng
sandata, at ang lahat niyang mga lalake nang araw na yaon
na magkakasama. **7** At nang makita ng mga lalake sa Israel
na nasa kabilang dako ng libis, at ng mga nasa dako roon ng
Jordan, na ang mga lalake sa Israel ay tumakas, at si Saul
at ang kaniyang mga anak ay namatay, kanilang iniwan ang
mga bayan, at nagsitakas; at naparoon ang mga Filisteo, at
tumahan sa mga yaon. **8** At nangyari nang kinabukasan
nang ang mga Filisteo ay dumating upang hubaran ang mga
patay, ay kanilang nasumpungan si Saul at ang kaniyang
tatlong anak na nabuwal sa bundok ng Gilboa. **9** At kanilang
pinugot ang kaniyang ulo, at hinubad ang kaniyang mga
sakbat, at ipinadala sa lupain ng mga Filisteo sa palibot
upang ibalita sa mga bahay ng kanilang mga diosdiosan at
sa bayan. **10** At kanilang inilagay ang kaniyang sakbat, sa
bahay ni Astaroth: at kanilang ibinitin ang bangkay niya sa

kuta ng Beth-san. 11 At nang mabalitaan ng mga tumatahan
sa Jabes-galaad ang tungkol sa ginawa ng mga Filisteo
kay Saul, 12 Lahat ng matapang na lalake ay bumangon at
nagsilakad sa buong gabi at kinuha ang bangkay ni Saul at
ang mga bangkay ng kaniyang mga anak sa kuta ng Beth-
san; at sila'y naparoon sa Jabes, at kanilang pinagsunog
doon. 13 At kanilang kinuha ang kanilang mga buto at
ibinaon sa ilalim ng isang puno ng tamarisko sa Jabes, at
nagayuno silang pitong araw.

# 2 Samuel

**1** At nangyari, pagkamatay ni Saul, nang magbalik si David
na mula sa pagpatay sa mga Amalecita, at tumahan si
David na dalawang araw sa Siclag; **2** Ay nangyari, sa ikatlong
araw, na narito, ang isang lalake ay lumabas sa kampamento
na mula kay Saul na hapak ang kaniyang suot, at may lupa
ang kaniyang ulo: at nagkagayon, na nang dumating siya
kay David, ay nagpatirapa at nagbigay galang. **3** At sinabi ni
David sa kaniya, Saan ka nanggaling? At kaniyang sinabi sa
kaniya, Sa kampamento ng Israel ay tumakas ako. **4** At
sinabi ni David sa kaniya, Ano ang nangyari? isinasamo
ko sa iyo na iyong saysayin sa akin. At siya'y sumagot:
Ang bayan ay tumakas sa pakikipagbaka, at karamihan sa
bayan naman ay nangabuwal at nangamatay; at si Saul
at si Jonathan na kaniyang anak ay nangamatay rin. **5** At
sinabi ni David sa binata na nagsaysay sa kaniya: Paanong
nalalaman mo na si Saul at si Jonathan na kaniyang anak
ay patay? **6** At sinabi sa kaniya ng binatang nagsaysay,
Sa isang pagkakataon ay napasa bundok ako ng Gilboa,
narito, si Saul ay nagpakabuwal sa kaniyang sibat; at,
narito, hinahabol siyang mainam ng mga karo at ng mga
mangangabayo. **7** At nang siya'y lumingon, kaniyang nakita
ako, at tinawag niya ako, at ako'y sumagot: Narito ako. **8** At
sinabi niya sa akin, Sino ka? At ako'y sumagot sa kaniya,
Ako'y isang Amalecita. **9** At kaniyang sinabi uli sa akin,
Tumayo ka sa siping ko, isinasamo ko sa iyo, at patayin mo
ako, dahil sa dinatnan ako ng panglulumo; sapagka't ang
aking buhay ay lubos ko pang taglay. **10** Sa gayo'y tumayo
ako sa siping niya, at aking pinatay siya, sapagka't talastas
ko na siya'y hindi mabubuhay pagkatapos na siya'y nabuwal:
at aking kinuha ang putong na nasa kaniyang ulo, at ang
pulsera na nasa kaniyang kamay, at aking dinala rito sa aking
panginoon. **11** Nang magkagayo'y tinangnan ni David ang
kaniyang mga suot at pinaghapak; at gayon din ang ginawa
ng lahat na lalake na kasama niya: **12** At sila'y tumangis, at
umiyak, at nagayuno hanggang sa paglubog ng araw, dahil
kay Saul, at dahil kay Jonathan na kaniyang anak, at dahil
sa bayan ng Panginoon, at dahil sa sangbahayan ng Israel;
sapagka't sila'y nangabuwal sa pamamagitan ng tabak. **13**
At sinabi ni David sa binata na nagsaysay sa kaniya, Taga
saan ka? At siya'y sumagot: Ako'y anak ng isang taga ibang
lupa, na Amalecita. **14** At sinabi ni David sa kaniya, Bakit
hindi ka natakot na iunat mo ang iyong kamay na patayin
ang pinahiran ng langis ng Panginoon? **15** At tinawag ni
David ang isa sa mga bataan, at sinabi, Lumapit ka, at
daluhungin mo siya. At kaniyang sinaktan siya, na anopa't
namatay. **16** At sinabi ni David sa kaniya, Ang iyong dugo
ay sumaiyong ulo; sapagka't ang iyong bibig ang sumaksi
laban sa iyo, na nagsasabi, Aking pinatay ang pinahiran ng
langis ng Panginoon. **17** At tinaghuyan ni David ng ganitong
panaghoy si Saul at si Jonathan na kaniyang anak: **18**
(At kaniyang ipinaturo sa mga anak ni Juda ang awit sa
pamamana narito, nasusulat sa aklat ni Jaser): **19** Ang iyong
kaluwalhatian, Oh Israel, ay napatay sa iyong matataas na
dako! Ano't nangabuwal ang mga makapangyarihan! **20**
Huwag ninyong saysayin sa Gath, Huwag ninyong ihayag sa
mga lansangan ng Ascalon; Baka ang mga anak na babae
ng mga Filisteo ay mangagalak, Baka ang mga anak na
babae ng mga hindi tuli ay magtagumpay. **21** Kayong mga
bundok ng Gilboa, Huwag magkaroon ng hamog, o ulan
man sa inyo, kahit mga bukid na mga handog: Sapagka't
diyan ang kalasag ng makapangyarihan ay nahagis ng
kahalayhalay. Ang kalasag ni Saul, na parang isa, na hindi
pinahiran ng langis. **22** Sa dugo ng pinatay, sa taba ng
makapangyarihan, Ang busog ni Jonathan ay hindi umurong,
At ang tabak ni Saul ay hindi nagbalik na walang dala. **23** Si
Saul at si Jonathan ay nagibigan at nagmagandahang-loob
sa kanilang kabuhayan. At sa kanilang kamatayan sila'y hindi
naghiwalay; Sila'y lalong maliliksi kay sa mga agila, Sila'y
lalong malalakas kay sa mga leon. **24** Kayong mga anak na
babae ng Israel, iyakan ninyo si Saul, Na siyang sa inyo'y
maselang na nagbihis ng escarlata, Na siyang naggayak
ng ginto sa inyong mga kasuutan. **25** Ano't nangabuwal
ang mga makapangyarihan sa gitna ng pagbabaka! Oh
Jonathan, napatay ka sa iyong matataas na dako. **26** Ako'y
namanglaw dahil sa iyo, kapatid kong Jonathan: Naging
totoong kalugodlugod ka sa akin; Ang iyong pag-ibig sa akin
ay kagilagilalas, Na humihigit sa pagsinta ng mga babae. **27**
Ano't nangabuwal ang mga makapangyarihan, At nangalipol
ang mga sandata na pandigma!

**2** At nangyari, pagkatapos nito, na nagusisa si David sa
Panginoon, na nagsasabi, Aahon ba ako sa alinman sa
mga bayan ng Juda? At sinabi ng Panginoon sa kaniya,
Umahon ka. At sinabi ni David, Saan ako aahon? At kaniyang
sinabi, Sa Hebron. **2** Sa gayo'y umahon si David doon, at pati
ng kaniyang dalawang asawa, si Ahinoam na taga Jezreel,
at si Abigail na asawa ni Nabal, na taga Carmelo. **3** At ang
kaniyang mga lalake na kasama niya ay iniahon ni David
bawa't lalake na kasama ang kanikaniyang sangbahayan: at
sila'y nagsitahan sa mga bayan ng Hebron. **4** At nagsiparoon
ang mga lalake ng Juda, at kanilang pinahiran ng langis
doon si David upang maging hari sa sangbahayan ng Juda.
At kanilang isinaysay kay David, na sinasabi, Ang mga lalake
sa Jabes-galaad ay siyang naglibing kay Saul. **5** At nagsugo
ng mga sugo si David sa mga lalake sa Jabes-galaad, at
sinabi sa kanila, Pagpalain nawa kayo ng Panginoon, na
kayo'y nagpakita ng kagandahang loob na ito sa inyong

panginoon, sa makatuwid baga'y kay Saul, at inyong inilibing
siya. 6 At ngayon nawa'y pagpakitaan kayo ng Panginoon
ng kagandahang loob at katotohanan: at ako naman ay
gaganti sa inyo nitong kagandahang loob, sapagka't inyong
ginawa ang bagay na ito. 7 Ngayon nga, magsilakas nawa
ang inyong mga kamay, at kayo nawa'y maging matatapang:
sapagka't patay na si Saul na inyong panginoon, at pinahiran
ng langis naman ako ng sangbahayan ni Juda upang maging
hari sa kanila. 8 Kinuha nga ni Abner na anak ni Ner na
kapitan sa hukbo ni Saul, si Is-boseth na anak ni Saul, at
inilipat sa Mahanaim; 9 At kaniyang ginawa siyang hari sa
Galaad, at sa mga Asureo, at sa Jezreel, at sa Ephraim, at
sa Benjamin, at sa buong Israel. 10 Si Is-boseth na anak ni
Saul ay may apat na pung taon nang siya'y magpasimulang
maghari sa Israel, at siya'y naghari na dalawang taon.
Nguni't ang sangbahayan ni Juda ay sumunod kay David.
11 At ang panahon na ipinaghari ni David sa Hebron sa
sangbahayan ni Juda ay pitong taon at anim na buwan. 12
At si Abner na anak ni Ner, at ang mga lingkod ni Is-boseth
na anak ni Saul, ay nangapasa Gabaon mula sa Mahanaim.
13 At si Joab na anak ni Sarvia, at ang mga lingkod ni David
ay nagsilabas, at sinalubong sila sa siping ng tangke sa
Gabaon; at sila'y naupo, na ang isa'y sa isang dako ng
tangke, at ang isa'y sa kabilang dako ng tangke. 14 At sinabi
ni Abner kay Joab, Isinasamo ko sa iyo na bumangon ang
mga bataan at magsanay ng tabak sa harap natin. At sinabi
ni Joab, Bumangon sila. 15 Nang magkagayo'y bumangon
sila at tumawid ayon sa bilang; labing dalawa sa Benjamin,
at sa ganang kay Is-boseth na anak ni Saul, at labing
dalawa sa mga lingkod ni David. 16 At hinawakan sa ulo ng
bawa't isa sa kanila ang kaniyang kaaway, at isinaksak ang
kaniyang tabak sa tagiliran ng kaniyang kaaway; sa gayo'y
nangabuwal sila na magkakasama: kaya't ang dakong yaon
ay tinatawag na Helcath-assurim na nasa Gabaon. 17 At
ang pagbabaka ay lumalalang mainam nang araw na yaon;
at si Abner ay nadaig, at ang mga lalake ng Israel sa harap
ng mga lingkod ni David. 18 At nandoon ang tatlong anak
ni Sarvia, si Joab, at si Abisai, at si Asael: at si Asael ay
magaan ang paa na gaya ng mailap na usa. 19 At hinabol
ni Asael si Abner; at sa pagyaon, siya'y hindi lumihis sa
kanan o sa kaliwa man sa pagsunod kay Abner. 20 Nang
magkagayo'y nilingon ni Abner, at sinabi, Ikaw ba'y si Asael?
At siya'y sumagot: Ako nga. 21 At sinabi ni Abner sa kaniya,
Lumihis ka sa iyong kanan o sa iyong kaliwa, at iyong
tangnan ang isa sa mga bataan, at kunin mo ang kaniyang
sakbat. Nguni't ayaw ni Asael na humiwalay sa pagsunod
sa kaniya. 22 At sinabi uli ni Abner kay Asael, Lumihis ka
sa pagsunod sa akin: bakit nga kita ibubulagta sa lupa?
paanong aking maitataas nga ang aking mukha kay Joab
na iyong kapatid? 23 Gayon ma'y tumanggi siyang lumihis:
kaya't sinaktan siya ni Abner sa tiyan ng dulo ng sibat,
na anopa't ang sibat ay lumabas sa likod niya; at siya'y
nabuwal doon at namatay sa dako ring yaon: at nangyari,
na lahat na naparoon sa dakong kinabuwalan ni Asael at
kinamatayan, ay nangapatigil. 24 Nguni't hinabol ni Joab
at ni Abisai si Abner: at ang araw ay nakalubog na nang
sila'y dumating sa burol ng Amma, na nasa harap ng Gia
sa siping ng daan sa ilang ng Gabaon. 25 At ang mga
anak ng Benjamin ay nagpipisan sa likuran ni Abner, at
nagisang pulutong, at nagsitayo sa taluktok ng isang burol.
26 Nang magkagayo'y tinawag ni Abner si Joab, at nagsabi,
Mananakmal ba ang tabak magpakailan man? hindi mo
ba nalalaman na magkakaroon ng kapaitan sa katapusan?
hanggang kailan mo nga pababalikin ang bayan na mula sa
pagsunod sa kanilang mga kapatid? 27 At sinabi ni Joab,
Buhay ang Dios, kung hindi mo sana sinalita ay tunay nga
na umalis disin ang bayan sa kinaumagahan, o sinundan
man ng sinoman ang bawa't isa sa kaniyang kapatid. 28 Sa
gayo'y hinipan ni Joab ang pakakak, at ang buong bayan ay
tumigil, at hindi na hinabol ang Israel, o sila man ay lumaban
pa. 29 At si Abner at ang kaniyang mga lalake ay nagdaan
buong gabi sa Araba; at sila'y nagsitawid ng Jordan, at
nagsidaan sa buong Bitron, at nagsidating sa Mahanaim. 30
At bumalik si Joab na humiwalay ng paghabol kay Abner: at
nang kaniyang mapisan ang buong bayan, nagkulang sa
mga lingkod ni David ay labing siyam na lalake at si Asael.
31 Nguni't sinaktan ng mga lingkod ni David ang Benjamin,
at ang mga lalake ni Abner, na anopa't nangamatay ay
tatlong daan at anim na pung lalake. 32 At kanilang iniahon
si Asael, at inilibing nila siya sa libingan ng kaniyang ama,
na nasa Bethlehem. At si Joab at ang kaniyang mga lalake
ay nagsiyaon buong gabi, at dumating sila sa Hebron sa
kinaumagahan.

3 Nagkaroon nga ng matagal na pagbabaka ang
sangbahayan ni Saul at ang sangbahayan ni David: at si
David ay lumakas ng lumakas, nguni't ang sangbahayan
ni Saul ay humina ng humina. 2 At nagkaanak si David
sa Hebron: at ang kaniyang panganay ay si Amnon kay
Ahinoam na taga Jezreel; 3 At ang kaniyang pangalawa ay
si Chileab, kay Abigail na asawa ni Nabal na taga Carmelo;
at ang ikatlo ay si Absalom na anak ni Maacha na anak ni
Talmai na hari sa Gessur; 4 At ang ikaapat ay si Adonias na
anak ni Haggith; at ang ikalima ay si Saphatias na anak
ni Abital; 5 At ang ikaanim ay si Jetream kay Egla, na
asawa ni David. Ang mga ito'y ipinanganak kay David sa
Hebron. 6 At nangyari, samantalang may pagbabaka ang
sangbahayan ni Saul at ang sangbahayan ni David, na si
Abner ay nagpapakalakas sa sangbahayan ni Saul. 7 Si Saul

nga ay may babae na ang pangalan ay Rispa, na anak ni Aja:
at sinabi ni Is-boseth kay Abner, Bakit ka sumiping sa babae
ng aking ama? 8 Nang magkagayo'y nagalit na mainam si
Abner dahil sa mga salita ni Is-boseth, at sinabi, Ako ba'y
isang ulo ng aso na nauukol sa Juda? Sa araw na ito ay
nagpapakita ako ng kagandahang loob sa sangbahayan
ni Saul na iyong ama, sa kaniyang mga kapatid, at sa
kaniyang mga kaibigan, at hindi ka ibinigay sa kamay ni
David, at gayon ma'y iyong ibinibintang sa araw na ito sa
akin ang isang kasalanan tungkol sa babaing ito. 9 Hatulan
ng Dios si Abner, at lalo na, malibang gawin kong gayon
sa kaniya, na gaya ng isinumpa ng Panginoon kay David;
10 Na ilipat ang kaharian mula sa sangbahayan ni Saul, at
itatag ang luklukan ni David sa Israel, at sa Juda mula sa
Dan hanggang sa Beer-seba. 11 At hindi siya nakasagot kay
Abner ng isang salita, sapagka't siya'y natakot sa kaniya.
12 At si Abner ay nagsugo ng mga sugo kay David, sa
ganang kaniya, na sinasabi naman, Makipagtipan ka sa
akin, at, narito, ang aking kamay ay sasa iyo, upang dalhin
sa iyo ang buong Israel. 13 At kaniyang sinabi, Mabuti; ako'y
makikipagtipan sa iyo; nguni't isang bagay ang hinihiling ko
sa iyo, na ito nga: huwag mong titingnan ang aking mukha,
maliban na iyo munang dalhin si Michal na anak na babae ni
Saul, pagparito mo upang tingnan ang aking mukha. 14 At
nagsugo ng mga sugo si David kay Is-boseth na anak ni
Saul, na sinasabi, Isauli mo sa akin ang aking asawa na si
Michal, na siyang aking pinakasalan sa halaga na isang
daang balat ng masama ng mga Filisteo. 15 At nagsugo si
Is-boseth, at kinuha siya sa kaniyang asawa, kay Paltiel na
anak ni Lais. 16 At ang kaniyang asawa'y yumaong kasama
niya na umiyak habang siya'y yumayaon, at sumusunod sa
kaniya hanggang sa Bahurim. Nang magkagayo'y sinabi
ni Abner sa kaniya, Ikaw ay yumaon, bumalik ka: at siya'y
bumalik. 17 At nakipag-usap si Abner sa mga matanda
sa Israel, na sinasabi, Sa panahong nakaraan ay inyong
hinanap si David upang maging hari sa inyo: 18 Ngayon nga
ay inyong gawin: sapagka't sinalita ng Panginoon tungkol
kay David, na sinasabi, Sa pamamagitan ng kamay ng
aking lingkod na si David ay aking ililigtas ang aking bayang
Israel sa kamay ng mga Filisteo at sa kamay ng lahat nilang
mga kaaway. 19 At nagsalita naman si Abner sa pakinig ng
Benjamin: at si Abner naman ay naparoong nagsalita sa
pakinig ni David sa Hebron ng lahat na inaakalang mabuti
ng Israel, at ng buong sangbahayan ni Benjamin. 20 Sa
gayo'y naparoon si Abner kay David sa Hebron, at dalawang
pung lalake ang kasama niya. At ginawan ni David ng isang
kasayahan si Abner at ang mga lalake na kasama niya. 21
At sinabi ni Abner kay David, Ako'y babangon at yayaon, at
aking pipisanin ang buong Israel sa aking panginoon na hari,
upang sila'y makipagtipan sa iyo, at upang iyong pagharian
ng buong ninanasa ng iyong kaluluwa. At pinayaon ni David
si Abner; at siya'y yumaong payapa. 22 At, narito, ang mga
lingkod ni David at si Joab ay nagsidating na mula sa isang
paghabol, at may dalang malaking samsam: nguni't si Abner
ay wala kay David sa Hebron, sapagka't pinayaon niya siya,
at siya'y yumaong payapa. 23 Nang si Joab at ang buong
hukbo na kasama niya ay magsidating, kanilang isinaysay
kay Joab, na sinasabi, Si Abner na anak ni Ner ay naparoon
sa hari, at siya'y pinayaon at siya'y yumaong payapa. 24
Nang magkagayo'y naparoon si Joab sa hari, at nagsabi,
Ano ang iyong ginawa? narito, si Abner ay naparito sa iyo;
bakit mo pinayaon siya, at siya'y lubos na yumaon? 25
Nalalaman mo si Abner na anak ni Ner ay naparito upang
dayain ka at upang maalaman ang iyong paglabas at ang
iyong pagpasok, at upang maalaman ang lahat na iyong
ginagawa. 26 At nang lumabas si Joab na mula kay David,
siya'y nagsugo ng mga sugo na sumunod kay Abner, at
kanilang ibinalik siya na mula sa balon ng Sira: nguni't hindi
nalalaman ni David. 27 At nang bumalik si Abner sa Hebron,
ay dinala siya ni Joab na bukod sa gitna ng pintuang-
bayan upang makipagsalitaan sa kaniya ng lihim, at sinaktan
niya siya roon sa tiyan, na anopa't siya'y namatay, dahil
sa dugo ni Asael na kaniyang kapatid. 28 At pagkatapos
nang mabalitaan ni David, ay kaniyang sinabi, Ako at ang
aking kaharian ay walang sala sa harap ng Panginoon
magpakailan man sa dugo ni Abner na anak ni Ner: 29
Bumagsak sa ulo ni Joab, at sa buong sangbahayan ng
kaniyang ama; at huwag na di magkaroon sa sangbahayan
ni Joab ng isang inaagasan, o ng isang may ketong, o ng
umaagapay sa isang tungkod, o nabubuwal sa pamamagitan
ng tabak, o ng kinukulang ng tinapay. 30 Sa gayo'y pinatay
si Abner ni Joab at ni Abisal na kaniyang kapatid, sapagka't
pinatay niya ang kanilang kapatid na si Asael sa Gabaon,
sa pagbabaka. 31 At sinabi ni David kay Joab at sa buong
bayan na kasama niya: Hapakin ninyo ang inyong mga suot,
at magbigkis kayo ng magaspang na damit, at magluksa
kayo sa harap ni Abner. At ang haring si David ay sumunod
sa kabaong. 32 At kanilang inilibing si Abner sa Hebron: at
inilakas ng hari ang kaniyang tinig, at umiyak sa libingan ni
Abner; at ang buong bayan ay umiyak. 33 At tinangisan ng
hari si Abner, at sinabi, Marapat bang mamatay si Abner, na
gaya ng pagkamatay ng isang mangmang? 34 Ang iyong
mga kamay ay hindi nangatatalian, o ang iyong mga paa
man ay nangagagapos: Kung paanong nabubuwal ang isang
lalake sa harap ng mga anak ng kasamaan ay gayon ka
nabuwal. At iniyakan siyang muli ng buong bayan. 35 At
ang buong bayan ay naparoon upang pakanin ng tinapay si
David samantalang araw pa; nguni't sumumpa si David, na

sinasabi, Hatulan ng Dios ako, at lalo na, kung ako'y tumikim
ng tinapay o ng anomang bagay hanggang sa ang araw ay
lumubog. 36 At nahalata ng buong bayan, at minagaling
nila: palibhasa'y anomang ginagawa ng hari ay nakalulugod
sa buong bayan. 37 Sa gayo'y naunawa ng buong bayan
at ng buong Israel sa araw na yaon, na hindi sa hari ang
pagpatay kay Abner na anak ni Ner. 38 At sinabi ng hari sa
kaniyang mga bataan, Hindi ba ninyo nalalaman na may
isang prinsipe at mahal na tao, na nabuwal sa araw na ito
sa Israel? 39 At ako'y mahina sa araw na ito, bagaman
pinahirang hari; at ang mga lalaking ito na mga anak ni
Sarvia ay totoong mahirap kasamahin: gantihan nawa ng
Panginoon ang manggagawang masama ayon sa kaniyang
kasamaan.

4 At nang mabalitaan ni Is-boseth, na anak ni Saul, na si
Abner ay patay na sa Hebron, ang kaniyang mga kamay
ay nanghina, at ang lahat na taga Israel ay nabagabag. 2
At si Is-boseth, na anak ni Saul, ay may dalawang lalake
na mga punong kawal sa mga pulutong: ang pangalan ng
isa ay Baana, at ang pangalan ng isa ay Rechab, na mga
anak ni Rimmon na Beerothita sa mga anak ni Benjamin:
(sapagka't ang Beeroth din naman ay ibinilang sa Benjamin:
3 At ang mga Beerothita ay nagsitakas sa Githaim, at
nangakipamayan doon hanggang sa araw na ito.) 4 Si
Jonathan nga na anak ni Saul, ay may isang anak na pilay sa
kaniyang mga paa. Siya'y may limang taon nang dumating
ang balita tungkol kay Saul at kay Jonathan na mula sa
Jezreel, at kinalong siya ng kaniyang yaya at tumakas: at
nangyari, habang siya'y nagmamadali ng pagtakas, na siya'y
nabagsak, at naging pilay. At ang kaniyang pangalan ay
Mephiboseth. 5 At ang mga anak ni Rimmon na Beerothita,
na si Rechab at si Baana, ay nagsiyaon at nagsiparoon ng
may kainitan ang araw sa bahay ni Is-boseth, na doon siya
nagpahinga sa katanghalian tapat. 6 At sila'y nagsipasok
doon sa gitna ng bahay, na parang sila'y kukuha ng trigo; at
kanilang sinaktan siya sa tiyan; at si Rechab at si Baana
na kaniyang kapatid ay nangagtanan. 7 Sapagka't nang
sila nga'y magsipasok sa bahay habang siya'y nahihiga
sa kaniyang higaan sa kaniyang silid, kanilang sinaktan
siya, at pinatay siya, at pinugutan siya ng ulo, at dinala ang
kaniyang ulo at nagpatuloy ng lakad sa Araba buong gabi. 8
At kanilang dinala ang ulo ni Is-boseth kay David sa Hebron,
at sinabi nila sa hari, Tingnan mo ang ulo ni Is-boseth na
anak ni Saul na iyong kaaway na umuusig ng iyong buhay;
at ipinanghiganti ng Panginoon ang aking panginoon na hari
sa araw na ito kay Saul, at sa kaniyang binhi. 9 At sinagot
ni David si Rechab at si Baana na kaniyang kapatid, na
mga anak ni Rimmon na Beerothita, at sinabi sa kanila,
Buhay ang Panginoon na siyang tumubos ng aking kaluluwa
sa buong kahirapan. 10 Nang saysayin sa akin ng isa, na
sinasabi, Narito, si Saul ay namatay, na inakala niyang
nagdala siya ng mabuting balita, ay aking hinawakan siya, at
pinatay ko siya sa Siclag na siyang kagantihang ibinigay ko
sa kaniya dahil sa kaniyang balita. 11 Gaano pa kaya kung
pinatay ng masasamang lalake ang isang matuwid na tao sa
kaniyang sariling bahay, sa kaniyang higaan, hindi ko ba
sisiyasatin ngayon ang kaniyang dugo sa inyong kamay, at
aalisin kayo sa lupa? 12 At iniutos ni David sa kaniyang
mga bataan, at pinatay nila sila, at pinutol ang kanilang mga
kamay at ang kanilang mga paa, at mga ibinitin sa tabi ng
tangke sa Hebron. Nguni't kanilang kinuha ang ulo ni Is-
boseth, at inilibing sa libingan ni Abner sa Hebron.

5 Nang magkagayo'y naparoon ang lahat ng mga lipi
ng Israel kay David sa Hebron, at nagsipagsalita, na
nagsisipagsabi, Narito, kami ay iyong buto at iyong laman.
2 Sa panahong nakaraan nang si Saul ay hari sa amin,
ikaw ang naglalabas at nagpapasok sa Israel: at sinabi ng
Panginoon sa iyo: Ikaw ay magiging pastor ng aking bayang
Israel: at ikaw ay magiging prinsipe sa Israel. 3 Sa gayo'y
nagsiparoon ang lahat ng mga matanda sa Israel sa hari sa
Hebron: at ang haring si David ay nakipagtipan sa kanila
sa Hebron sa harap ng Panginoon: at kanilang pinahiran
ng langis si David na maging hari sa Israel. 4 Si David ay
may tatlong pung taon nang siya'y magpasimulang maghari,
at siya'y nagharing apat na pung taon. 5 Sa Hebron ay
naghari siya sa Juda na pitong taon at anim na buwan: at sa
Jerusalem ay naghari siya na tatlong pu at tatlong taon sa
buong Israel at Juda. 6 At ang hari at ang kaniyang mga
lalake ay nagsiparoon sa Jerusalem laban sa mga Jebuseo
na nagsisitahan sa lupain, na nangagsalita kay David, na
nangagsasabi, Maliban na iyong alisin ang bulag at ang
pilay, hindi ka papasok dito: na iniisip, na si David ay hindi
makapapasok doon. 7 Gayon ma'y sinakop ni David ang
katibayan sa Sion; na siyang bayan ni David. 8 At sinabi
ni David nang araw na yaon, Sino mang sumakit sa mga
Jebuseo, ay pumaroon siya sa inaagusan ng tubig, at saktan
ang pilay at ang bulag, na kinapopootan ng kaluluwa ni
David. Kaya't kanilang sinasabi, Mayroong bulag at pilay;
hindi siya makapapasok sa bahay. 9 At tumahan si David
sa katibayan at tinawag na bayan ni David. At itinayo ni
David ang kuta sa palibot mula sa Millo, at sa loob. 10 At si
David ay dumakila ng dumakila; sapagka't ang Panginoon
na Dios ng mga hukbo, ay sumasa kaniya. 11 At si Hiram na
hari sa Tiro ay nagpadala kay David ng mga sugo, at ng
mga puno ng sedro, at mga anluwagi, at mangdadaras sa
bato; at kanilang ipinagtayo si David ng isang bahay. 12 At
nahalata ni David, na itinalaga siya ng Panginoon na maging
hari sa Israel, at kaniyang itinaas ang kaniyang kaharian

dahil sa kaniyang bayang Israel. 13 At kumuha pa si David
ng mga babae at mga asawa sa Jerusalem, panggagaling
niya sa Hebron: at may mga ipinanganak pa na lalake at
babae kay David. 14 At ito ang mga pangalan niyaong
mga ipinanganak sa kaniya sa Jerusalem; si Sammua, at
si Sobab, at si Nathan, at si Salomon, 15 At si Ibhar, at si
Elisua; at si Nephegh at si Japhia; 16 At si Elisama, at si
Eliada, at si Eliphelet. 17 At nang mabalitaan ng mga Filisteo
na kanilang inihalal si David na hari sa Israel, ang lahat ng
Filisteo ay nagsiahon upang usigin si David; at nabalitaan
ni David, at lumusong sa katibayan. 18 Ang mga Filisteo
nga ay nagsidating at nagsikalat sa libis ng Rephaim. 19
At nagusisa si David sa Panginoon, na nagsasabi, Aahon
ba ako laban sa mga Filisteo? ibibigay mo ba sila sa aking
kamay? At sinabi ng Panginoon kay David, Umahon ka:
sapagka't tunay na aking ibibigay ang mga Filisteo sa iyong
kamay. 20 At naparoon si David sa Baal-perasim at sila'y
sinaktan doon ni David; at kaniyang sinabi, Pinanambulat ng
Panginoon ang aking mga kaaway sa harap ko, na gaya ng
pilansik ng tubig. Kaya't kaniyang tinawag ang pangalan
ng dakong yaon na Baal-perasim. 21 At kanilang iniwan
doon ang kanilang mga larawan, at mga inalis ni David
at ng kaniyang mga lalake. 22 At nagsiahon pa uli ang
mga Filisteo, at nagsikalat sa libis ng Rephaim. 23 At nang
isangguni ni David sa Panginoon, kaniyang sinabi, Huwag
kang aahon: liligid ka sa likuran nila, at ikaw ay sasagupa sa
kanila sa mga puno ng morales. 24 At mangyayari, pagka
iyong narinig ang hugong ng lakad sa mga dulo ng mga
puno ng morales, na ikaw nga ay magmamadali: sapagka't
lumabas na ang Panginoon sa harap mo upang saktan ang
hukbo ng mga Filisteo. 25 At ginawang gayon ni David; gaya
ng iniutos ng Panginoon sa kaniya; at sinaktan niya ang mga
Filisteo mula sa Geba hanggang sa dumating sa Gezer.

6 At pinisan uli ni David ang lahat na piling lalake sa
Israel, na tatlong pung libo. 2 At bumangon si David
at yumaon na kasama ng buong bayan na nasa kaniya,
mula sa Baale Juda, upang iahon mula roon ang kaban ng
Dios, na tinatawag sa Pangalan, sa makatuwid baga'y sa
pangalan ng Panginoon ng mga hukbo, na tumatahan sa
gitna ng mga querubin. 3 At kanilang inilagay ang kaban ng
Dios sa isang bagong karo, at kanilang inilabas sa bahay ni
Abinadab na nasa burol: at si Uzza at si Ahio, na mga anak
ni Abinadab, ay siyang nagpatakbo ng bagong karo. 4 At
kanilang inilabas sa bahay ni Abinadab, na nasa burol, pati
ng kaban ng Dios: at si Ahio ay nagpauna sa kaban. 5 At si
David at ang buong sangbahayan ni Israel ay nagsitugtog
sa harap ng Panginoon ng sarisaring panugtog na kahoy
na abeto, at ng mga alpa, at ng mga salterio, at ng mga
pandereta, at ng mga kastaneta at ng mga simbalo. 6
At nang sila'y magsidating sa giikan ni Nachon, iniunat ni
Uzza ang kaniyang kamay sa kaban ng Dios, at hinawakan;
sapagka't ang mga baka ay nangatisod. 7 At ang galit ng
Panginoon ay nagalab laban kay Uzza; at sinaktan siya ng
Dios doon dahil sa kaniyang kamalian; at doo'y namatay siya
sa siping ng kaban ng Dios. 8 At hindi minagaling ni David,
sapagka't nagalit ang Panginoon kay Uzza: at kaniyang
tinawag ang dakong yaon na Perez-uzza hanggang sa araw
na ito. 9 At natakot si David sa Panginoon sa araw na yaon;
at kaniyang sinabi, Paanong madadala rito ang kaban ng
Panginoon sa akin? 10 Sa gayo'y hindi inilipat ni David ang
kaban ng Panginoon sa kaniya sa bayan ni David, kundi
iniliko ni David sa bahay ni Obed-edom na Getheo. 11 At
ang kaban ng Panginoon ay natira sa bahay ni Obed-edom
na Getheo na tatlong buwan: at pinagpala ng Panginoon si
Obed-edom, at ang kaniyang buong sangbahayan. 12 At
nasaysay sa haring kay David, na sinasabi, Pinagpala ng
Panginoon ang sangbahayan ni Obed-edom, at ang lahat ng
nauukol sa kaniya, dahil sa kaban ng Dios. At yumaon si
David at iniahon ang kaban ng Dios mula sa bahay ni Obed-
edom, hanggang sa bayan ni David, na may kagalakan. 13
At nagkagayon na nang yaong mga nagdadala ng kaban
ng Panginoon ay makalakad ng anim na hakbang, siya'y
naghain ng isang baka at isang pinataba. 14 At nagsayaw si
David ng kaniyang buong lakas sa harap ng Panginoon; at
si David ay nabibigkisan ng isang epod na lino. 15 Sa gayo'y
iniahon ni David at ng buong sangbahayan ng Israel ang
kaban ng Panginoon, na may hiyawan, at may tunog ng
pakakak. 16 At nagkagayon, sa pagpapasok ng kaban ng
Panginoon sa bayan ni David, na si Michal na anak ni Saul
ay tumitingin sa dungawan, at nakita na ang haring si David
ay naglulukso at nagsasayaw sa harap ng Panginoon; at
kaniyang niwalan ng kabuluhan siya sa kaniyang puso. 17
At kanilang ipinasok ang kaban ng Panginoon, at inilagay
sa kaniyang dako, sa gitna ng tolda na itinayo ni David: at
naghandog si David ng mga handog na susunugin at mga
handog tungkol sa kapayapaan sa harap ng Panginoon. 18
At nang makatapos si David na maghandog ng mga handog
na susunugin at ng mga handog tungkol sa kapayapaan,
kaniyang binasbasan ang bayan sa pangalan ng Panginoon
ng mga hukbo. 19 At kaniyang binahagi sa buong bayan, sa
makatuwid baga'y sa buong karamihan ng Israel, sa mga
lalake at gayon din sa mga babae, sa bawa't isa ay isang
tinapay at isang bahaging lamang kati, at isang binilong
pasas. Sa gayo'y ang buong bayan ay yumaon bawa't isa sa
kaniyang bahay. 20 Nang magkagayo'y bumalik si David
upang basbasan ang kaniyang sangbahayan. At si Michal na
anak ni Saul ay lumabas na sinalubong si David, at sinabi,
Pagkaluwalhati ngayon ng hari sa Israel, na siya'y naghubad

ngayon sa mga mata ng mga babaing lingkod ng kaniyang
mga lingkod, na gaya ng naghuhubad na kahiyahiya ang
isang walang kabuluhang tao. 21 At sinabi ni David kay
Michal, Yao'y sa harap ng Panginoon, na siyang pumili sa
akin na higit sa iyong ama, at sa buong sangbahayan niya,
upang ihalal ako na prinsipe sa bayan ng Panginoon, sa
Israel: kaya't ako'y tutugtog sa harap ng Panginoon. 22 At
ako'y magpapakawalang kabuluhan pa kay sa yaon, at ako'y
magpapakababa sa aking sariling paningin: nguni't sa mga
babaing lingkod na iyong sinalita, ay pararangalan ako. 23
At si Michal na anak ni Saul ay hindi nagkaanak hanggang
sa araw ng kaniyang kamatayan.

7 At nangyari nang ang hari ay tumahan sa kaniyang bahay,
at binigyan siya ng Panginoon ng kapahingahan sa lahat
niyang mga kaaway sa palibot, 2 Na sinabi ng hari kay
Nathan na propeta: Tingnan mo ngayon ako'y tumatahan
sa isang bahay na sedro, nguni't ang kaban ng Dios ay
nanahanan sa loob ng mga tabing. 3 At sinabi ni Nathan sa
hari, Yumaon ka, gawin mo ang lahat na nasa iyong puso;
sapagka't ang Panginoon ay sumasa iyo. 4 At nangyari, nang
gabi ring yaon, na ang salita ng Panginoon ay dumating
kay Nathan, na sinasabi, 5 Yumaon ka at saysayin mo sa
aking lingkod na kay David, Ganito ang sabi ng Panginoon:
Ipagtatayo mo ba ako ng isang bahay na matatahanan? 6
Sapagka't hindi ako tumahan sa isang bahay mula sa araw
na aking iahon ang mga anak ni Israel mula sa Egipto,
hanggang sa araw na ito, kundi ako'y lumakad sa tolda at
sa tabernakulo. 7 Sa lahat ng dako na aking nilakaran na
kasama ng lahat ng mga anak ni Israel, nagsalita ba ako ng
isang salita sa isa sa mga lipi ng Israel na aking inutusan
na maging pastor ng aking bayang Israel, na nagsasabi,
Bakit hindi ninyo ipinagtayo ako ng isang bahay na sedro? 8
Ngayon nga'y ganito ang iyong sasabihin sa aking lingkod
na kay David, Ganito ang sabi ng Panginoon ng mga hukbo:
Kinuha kita mula sa kulungan ng tupa, sa pagsunod sa
tupa, upang ikaw ay maging pangulo sa aking bayan, sa
Israel: 9 At ako'y suma iyo saan ka man naparoon, at aking
inihiwalay ang lahat ng iyong mga kaaway sa harap mo; at
gagawin kitang isang dakilang pangalan, gaya ng pangalan
ng mga dakila na nasa lupa. 10 At aking tatakdaan ng isang
dako ang aking bayan na Israel, at aking itatatag sila, upang
sila'y magsitahan sa kanilang sariling dako, at huwag nang
mabago pa; ni pipighatiin pa man sila ng mga anak ng
kasamaan, na gaya ng una. 11 At gaya mula sa araw na
aking halalan ng mga hukom ang aking bayang Israel; at
aking papagpapahingahin ka sa lahat ng iyong mga kaaway.
Bukod sa rito ay isinaysay ng Panginoon na igagawa ka ng
Panginoon ng isang bahay. 12 Pagka ang iyong mga araw
ay naganap, at ikaw ay matutulog na kasama ng iyong mga
magulang, aking ibabangon ang iyong binhi pagkatapos
mo, na magmumula sa iyong tiyan, at aking itatatag ang
kaniyang kaharian. 13 Kaniyang ipagtatayo ng bahay ang
aking pangalan, at aking itatatag ang luklukan ng kaniyang
kaharian magpakailan man. 14 Ako'y magiging kaniyang
ama, at siya'y magiging aking anak: kung siya'y gumawa ng
kasamaan, aking sasawayin siya ng pamalo ng mga tao, at
ng panghampas ng mga anak ng mga tao; 15 Nguni't ang
aking kagandahang loob ay hindi mahihiwalay sa kaniya na
gaya nang aking pagkaalis niyan kay Saul, na aking inalis
sa harap mo. 16 At ang iyong sangbahayan at ang iyong
kaharian ay matitiwasay magpakailan man sa harap mo: ang
iyong luklukan ay matatatag magpakailan man. 17 Ayon sa
lahat ng mga salitang ito, at ayon sa buong pangitaing ito ay
gayon sinalita ni Nathan kay David. 18 Nang magkagayo'y
ang haring si David ay pumasok, at umupo sa harap ng
Panginoon: at kaniyang sinabi, Sino ako, Oh Panginoong
Dios, at ano ang aking sangbahayan na ako'y iyong dinala
sa ganiyang kalayo? 19 At ito'y munting bagay pa sa iyong
paningin, Oh Panginoong Dios; nguni't ikaw ay nagsalita
naman ng tungkol sa sangbahayan ng iyong lingkod nang
hanggang sa malaong panahong darating; at ito ay ayon
sa paraan ng tao, Oh Panginoong Dios! 20 At ano pa ang
masasabi ni David sa iyo? sapagka't iyong kilala ang iyong
lingkod, Oh Panginoong Dios. 21 Dahil sa iyong salita,
at ayon sa iyong sariling puso, iyong ginawa ang buong
kadakilaang ito, upang iyong ipakilala sa iyong lingkod.
22 Kaya't ikaw ay dakila, Oh Panginoong Dios: sapagka't
walang gaya mo, o may ibang Dios pa bukod sa iyo, ayon
sa lahat na aming naririnig ng aming mga pakinig. 23 At
anong bansa sa lupa ang gaya ng iyong bayan, gaya ng
Israel, na tinubos ng Dios sa kaniyang sarili na pinakabayan,
at upang gawin niya sa kaniyang isang pangalan, at upang
igawa kayo ng mga dakilang bagay, at ng mga kakilakilabot
na mga bagay ang iyong lupain, sa harap ng iyong bayan
na iyong tinubos para sa iyo mula sa Egipto, mula sa mga
bansa at sa kanilang mga dios? 24 At iyong itinatag sa iyong
sarili ang iyong bayang Israel upang maging bayan sa iyo
magpakailan man; at ikaw, Panginoon, ay naging kanilang
Dios. 25 At ngayon, Oh Panginoong Dios, ang salita na iyong
sinalita tungkol sa iyong lingkod, at tungkol sa kaniyang
sangbahayan, iyong pagtibayin nawa magpakailan man, at
iyong gawin gaya ng iyong sinalita. 26 At dumakila ang iyong
pangalan magpakailan man, sa pagsasabi: Ang Panginoon
ng mga hukbo ay Dios sa Israel: at ang sangbahayan ng
iyong lingkod na si David ay matatag sa harap mo. 27
Sapagka't ikaw, Oh Panginoon ng mga hukbo, ang Dios ng
Israel ay napakita ka sa iyong lingkod na iyong sinasabi,
Aking ipagtatayo ka ng isang bahay; kaya't nasumpungan ng

iyong lingkod sa kaniyang puso na idalangin ang panalanging
ito sa iyo. **28** At ngayon, Oh Panginoong Dios, ikaw ay Dios
at ang iyong mga salita ay katotohanan, at iyong ipinangako
ang mabuting bagay na ito sa iyong lingkod: **29** Ngayon
nga'y kalugdan mong pagpalain ang sangbahayan ng iyong
lingkod, upang mamalagi magpakailan man sa harap mo:
sapagka't ikaw, Oh Panginoong Dios ay nagsalita: at sa
pamamagitan ng iyong pagpapala ay maging mapalad nawa
ang sangbahayan ng iyong lingkod magpakailan man.

**8** At pagkatapos nito ay nangyari na sinaktan ni David ang
mga Filisteo at mga pinasuko: at kinuha ni David ang
Metheg-amma sa kamay ng mga Filisteo. **2** At kaniyang
sinaktan ang Moab, at sinukat niya sila ng tali, na pinahiga
sila sa lupa; at kaniyang sinukat ng dalawang tali upang
patayin, at ng isang buong tali upang buhayin. At ang mga
Moabita ay naging mga alipin ni David, at nagsipagdala ng
mga kaloob. **3** Sinaktan din ni David si Hadadezer na anak
ni Rehob, na hari sa Soba, habang siya'y yumayaon upang
bawiin ang kaniyang pamumuno sa Ilog. **4** At kinuha ni David
sa kaniya ang isang libo at pitong daan na mangangabayo,
at dalawang pung libo na naglalakad: at pinilayan ni David
ang lahat ng mga kabayo ng mga karo, nguni't sa mga yaon
ay nagtaan ng sa isang daang karo. **5** At nang sumaklolo
ang mga taga Siria sa Damasco kay Hadadezer na hari
sa Soba, ay sinaktan ni David sa mga taga Siria ang
dalawang pu't dalawang libong tao. **6** Nang magkagayo'y
naglagay si David ng mga pulutong sa Siria sa Damasco:
at ang mga taga Siria ay nangaging mga alipin ni David,
at nagsipagdala ng mga kaloob. At pinapagtagumpay ng
Panginoon si David saan man siya pumaroon. **7** At kinuha
ni David ang mga kalasag na ginto na nangasa lingkod
ni Hadadezer, at dinala sa Jerusalem. **8** At sa Beta at sa
Berothai na mga bayan ni Hadadezer, ay kumuha ang haring
si David ng lubhang maraming tanso. **9** Nang mabalitaan
ni Toi na hari sa Hamath na sinaktan ni David ang buong
hukbo ni Hadadezer, **10** Sinugo nga ni Toi si Joram na
kaniyang anak sa haring David, upang bumati sa kaniya, at
upang purihin siya, sapagka't siya'y nakipagdigma laban kay
Hadadezer at sinaktan niya siya: sapagka't si Hadadezer
ay nagkaroon ng mga pakikipagbaka kay Toi. At nagdala
si Joram ng mga sisidlang pilak, at mga sisidlang ginto, at
mga sisidlang tanso; **11** Na itinalaga naman ni David sa
Panginoon ang mga ito, na kasama ng pilak at ng ginto
na kaniyang itinalaga na mula sa lahat ng mga bansa na
kaniyang pinasuko; **12** Sa Siria, at sa Moab, at sa mga anak
ni Ammon, at sa mga Filisteo, at sa Amalec, at sa samsam
kay Hadadezer na anak ni Rehob na hari sa Soba. **13** At
nabantog si David nang siya'y bumalik na mula sa pagsakit
sa mga taga Siria sa Libis na Alat, sa makatuwid baga'y sa
labing walong libong lalake. **14** At naglagay siya ng mga
pulutong sa Edom; sa buong Edom ay naglagay siya ng
mga pulutong, at ang lahat na Idumeo ay nangaging alipin ni
David. At pinapagtagumpay ng Panginoon si David saan
man siya pumaroon. **15** At naghari si David sa buong Israel;
at iginawad ni David ang kahatulan at ang katuwiran sa
kaniyang buong bayan. **16** At si Joab na anak ni Sarvia ay
nasa hukbo; at si Josaphat na anak ni Ahilud ay kasangguni:
**17** At si Sadoc na anak ni Ahitub at si Ahimelech na anak ni
Abiathar ay mga saserdote; at si Seraia ay kalihim; **18** At si
Benahia na anak ni Joiada ay nasa mga Ceretheo at sa
mga Peletheo; at ang mga anak ni David ay mga pangulong
tagapangasiwa.

**9** At sinabi ni David, May nalalabi pa ba sa sangbahayan ni
Saul, upang aking mapagpakitaan ng kagandahang loob
dahil kay Jonathan? **2** At may isang lingkod sa sangbahayan
ni Saul na nagngangalang Siba, at kanilang tinawag siya
sa harap ni David; at sinabi ng hari sa kaniya, Ikaw ba'y si
Siba? At kaniyang sinabi, Ang iyong lingkod nga. **3** At sinabi
ng hari, wala na ba kayang natitira sa sangbahayan ni Saul,
upang aking mapagpakitaan siya ng kagandahang loob ng
Dios? At sinabi ni Siba sa hari, Si Jonathan ay may isang
anak pa, na pilay ang kaniyang mga paa. **4** At sinabi ng hari
sa kaniya, Saan nandoon siya? At sinabi ni Siba sa hari,
Narito, siya'y nasa bahay ni Machir na anak ni Amiel, sa Lo-
debar. **5** Nang magkagayo'y nagsugo ang haring si David at
ipinakuha siya sa bahay ni Machir na anak ni Amiel mula sa
Lo-debar. **6** At si Mephiboseth, na anak ni Jonathan, na anak
ni Saul, ay naparoon kay David, at nagpatirapa sa kaniyang
harap, at nagbigay galang. At sinabi ni David, Mephiboseth.
At siya'y sumagot: Narito, ang iyong lingkod! **7** At sinabi
ni David sa kaniya, Huwag kang matakot: sapagka't aking
tunay na pagpapakitaan ka ng kagandahang loob dahil kay
Jonathan na iyong ama, at aking isasauli ang buong lupa ni
Saul na iyong ama, sa iyo; at ikaw ay parating kakain ng
pagkain sa aking dulang. **8** At siya'y nagbigay galang at
nagsabi, Ano ang iyong lingkod upang iyong lingapin akong
isang asong patay? **9** Nang magkagayo'y tinawag ng hari
si Siba na lingkod ni Saul, at sinabi sa kaniya, Lahat ng
nauukol kay Saul at sa buong kaniyang sangbahayan ay
aking ibinigay sa anak ng iyong panginoon. **10** At iyong
bubukirin ang lupain para sa kaniya, ninyo ng iyong mga
anak, at ng iyong mga bataan at iyong dadalhin dito ang mga
bunga, upang ang anak ng iyong panginoon ay magkaroon
ng tinapay na makakain: nguni't si Mephiboseth na anak
ng iyong panginoon ay kakain ng tinapay kailan man sa
aking dulang. Si Siba nga ay may labing limang anak at
dalawang pung bataan. **11** Nang magkagayo'y sinabi ni Siba
sa hari, Ayon sa lahat na iniutos ng aking panginoon na hari

sa kaniyang lingkod, ay gayon gagawin ng iyong lingkod.
Tungkol kay Mephiboseth, sinabi ng hari, Siya'y kakain sa
aking dulang na gaya ng isa sa mga anak ng hari. **12** At si
Mephiboseth ay may isang anak na binata, na ang pangalan
ay Micha. At lahat na nagsisitahan sa bahay ni Siba ay mga
bataan ni Mephiboseth. **13** Gayon tumahan si Mephiboseth
sa Jerusalem: sapagka't siya'y kumaing palagi sa dulang ng
hari. At siya'y pilay sa kaniyang dalawang paa.

**10** At nangyari pagkatapos nito, na ang hari ng mga anak
ni Ammon ay namatay, at si Hanun na kaniyang anak
ay naghari na kahalili niya. **2** At sinabi ni David, Aking
pagpapakitaan ng kagandahang loob si Hanun na anak
ni Naas, na gaya ng pagpapakita ng kagandahang loob
ng kaniyang ama sa akin. Sa gayo'y nagsugo si David
sa pamamagitan ng kaniyang mga lingkod upang aliwin
siya tungkol sa kaniyang ama. At nagsiparoon ang mga
lingkod ni David sa lupain ng mga anak ni Ammon. **3** Nguni't
sinabi ng mga prinsipe ng mga anak ni Ammon kay Hanun
na kanilang panginoon, Inakala mo bang pinararangalan
ni David ang iyong ama, kaya't siya'y nagsugo ng mga
tagaaliw sa iyo? hindi ba nagsugo si David ng kaniyang mga
bataan sa iyo upang kilalanin ang bayan, at upang tiktikan,
at upang daigin? **4** Sa gayo'y kinuha ni Hanun ang mga
lingkod ni David, at inahit ang kalahati ng kanilang balbas, at
pinutol ang kanilang mga suot sa gitna, sa kanilang pigi,
at pinayaon. **5** Nang kanilang saysayin kay David, siya'y
nagsugo upang salubungin sila; sapagka't ang mga lalake
ay totoong nangapahiya. At sinabi ng hari, Mangaghintay
kayo sa Jerico hanggang sa tumubo ang inyong balbas, at
kung magkagayo'y mangagbalik kayo. **6** At nang makita ng
mga anak ni Ammon na sila'y naging nakapopoot kay David,
ang mga anak ni Ammon ay nangagsugo, at inupahan ang
mga taga Siria sa Beth-rehob, at ang mga taga Siria sa
Soba, na dalawang pung libong naglalakad, at ang hari sa
Maaca na may isang libong lalake, at ang mga lalaking taga
Tob na labing dalawang libong lalake. **7** At nang mabalitaan
ni David, kaniyang sinugo si Joab at ang buong hukbo
ng makapangyarihang mga lalake. **8** At ang mga anak ni
Ammon ay nagsilabas at nagsihanay ng pakikipagbaka
sa pasukan sa pintuang-bayan: at ang mga taga Siria sa
Soba, at sa Rehob, at ang mga lalaking taga Tob at mga
taga Maaca, ay nangabubukod sa parang. **9** Nang makita
nga ni Joab na ang pagbabaka ay nauumang laban sa
kaniyang harapan at likuran, siya'y pumili ng lahat na mga
hirang na lalake sa Israel, at ipinaghahanay niya laban sa
mga taga Siria: **10** At ang nalabi sa bayan ay kaniyang
ibinigay sa kamay ni Abisai na kaniyang kapatid, at kaniyang
ipinaghahanay laban sa mga anak ni Ammon. **11** At kaniyang
sinabi, Kung ang mga taga Siria ay maging malakas kay
sa akin, iyo ngang tutulungan ako: nguni't kung ang mga
anak ni Ammon ay maging malakas kay sa iyo, ay paparoon
nga ako at tutulungan kita. **12** Magpakatapang ka, at tayo'y
magpakalalake para sa ating bayan, at sa mga bayan ng
ating Dios: at gawin nawa ng Panginoon ang inaakala niyang
mabuti. **13** Sa gayo'y nagsilapit si Joab at ang bayan na
kasama niya sa pakikipagbaka laban sa mga taga Siria:
at sila'y nagsitakas sa harap niya. **14** At nang makita ng
mga anak ni Ammon na ang mga taga Siria ay nagsitakas,
sila naman ay nagsitakas sa harap ni Abisai, at nagsipasok
sa bayan. Ngayo'y bumalik si Joab na mula sa mga anak
ni Ammon, at naparoon sa Jerusalem. **15** At nang makita
ng mga taga Siria na sila'y nasasahol sa harap ng Israel,
sila'y nagpipisan. **16** At nagsugo si Hadadezer at dinala
ang mga taga Siria na nangaroon sa dako pa roon ng Ilog;
at sila'y nagsiparoon sa Helam, na kasama ni Sobach na
puno ng hukbo ni Hadadezer sa kanilang unahan. **17** At
nasaysay kay David, at kaniyang pinisan ang buong Israel,
at tumawid sa Jordan, at naparoon sa Helam. At ang mga
taga Siria ay nagsihanay laban kay David, at nagsilaban sa
kaniya. **18** At ang mga taga Siria ay nagsitakas sa harap ng
Israel; at pumatay si David sa mga taga Siria ng mga tao ng
pitong daang karo, at apat na pung libo na nangangabayo, at
sinaktan si Sobach na kapitan sa kanilang hukbo, na anopa't
namatay roon. **19** At nang makita ng lahat na hari na mga
lingkod ni Hadadezer na sila'y nasahol sa harap ng Israel, ay
nangakipagpayapaan sa Israel at nangaglingkod sa kanila.
Sa gayo'y nangatakot ang mga taga Siria na magsitulong pa
sa mga anak ni Ammon.

**11** At nangyari sa pagpihit ng taon sa panahon ng paglabas
ng mga hari sa pakikipagbaka, na sinugo ni David
si Joab, at ang kaniyang mga lingkod na kasama niya,
at ang buong Israel; at kanilang nilipol ang mga anak
ni Ammon at kinubkob sa Rabba. Nguni't si David ay
naghintay sa Jerusalem. **2** At nangyari sa kinahapunan,
na si David ay bumangon sa kaniyang higaan, at lumakad
sa bubungan ng bahay ng hari: at mula sa bubungan ay
kaniyang nakita ang isang babae na naliligo; at ang babae
ay totoong napakagandang masdan. **3** At nagsugo si David,
at nagpasiyasat tungkol sa babae. At sinabi ng isa, Hindi ba
ito ay si Bath-sheba na anak ni Eliam, na asawa ni Uria na
Hetheo? **4** At si David ay nagsugo ng mga sugo, at kinuha
siya; at siya'y pumaroon sa kaniya, at kaniyang sinipingan
siya (sapagka't siya'y malinis sa kaniyang karumihan; )
at siya'y bumalik sa kaniyang bahay. **5** At ang babae ay
naglihi; at siya'y nagsugo at nasaysay kay David, at nagsabi:
Ako'y buntis. **6** At nagsugo si David kay Joab, na sinasabi,
Suguin mo sa akin si Uria na Hetheo. At sinugo ni Joab si
Uria kay David. **7** At nang si Uria ay dumating sa kaniya,

tinanong ni David siya kung paano ang tayo ni Joab, at
kung ano ang kalagayan ng bayan, at kung paano ang tayo
ng pagbabaka. 8 At sinabi ni David kay Uria, Babain mo
ang iyong bahay, at iyong hugasan ang iyong mga paa. At
umalis si Uria sa bahay ng hari at isinusunod sa kaniya ang
isang pagkain na mula sa hari. 9 Nguni't natulog si Uria
sa pintuan ng bahay ng hari na kasama ng lahat ng mga
lingkod ng kaniyang panginoon, at hindi binaba ang kaniyang
bahay. 10 At nang masaysay kay David, na sabihin, Hindi
binaba ni Uria ang kaniyang bahay, sinabi ni David kay Uria,
Hindi ka pa ba nakapaglalakbay? bakit hindi mo binaba ang
iyong bahay? 11 At sinabi ni Uria kay David, Ang kaban, at
ang Israel, at ang Juda, ay nasa mga tolda at ang aking
panginoon si Joab, at ang mga lingkod ng aking panginoon,
ay nangahahantong sa luwal na parang; yayaon nga ba ako
sa aking bahay, upang kumain, at upang uminom, at upang
sumiping sa aking asawa? buhay ka, at buhay ang iyong
kaluluwa, hindi ko gagawin ang bagay na ito. 12 At sinabi
ni David kay Uria, Tumigil ka rin dito ngayon at bukas ay
aking payayaunin ka. Sa gayo'y tumigil si Uria sa Jerusalem
sa araw na yaon, at sa kinabukasan. 13 At nang tawagin
siya ni David, siya'y kumain at uminom sa harap niya; at
kaniyang nilango siya: at sa kinahapunan, siya'y lumabas
upang mahiga sa kaniyang higaan na kasama ng mga
lingkod ng kaniyang panginoon, nguni't hindi niya binaba
ang kaniyang bahay. 14 At nangyari, sa kinaumagahan,
na sumulat si David ng isang sulat kay Joab, at ipinadala
sa pamamagitan ng kamay ni Uria. 15 At kaniyang isinulat
sa sulat, na sinasabi, Ilagay mo si Uria sa pinakaunahan
ng mahigpit na pagbabaka, at kayo'y magsiurong mula sa
kaniya, upang siya'y masaktan, at mamatay. 16 At nangyari,
nang bantayan ni Joab ang bayan, na kaniyang inilagay si
Uria sa dakong kaniyang nalalaman na kinaroroonan ng
mga matapang na lalake. 17 At ang mga lalake sa bayan ay
nagsilabas at nakipagbaka kay Joab: at nangabuwal ang iba
sa bayan, sa mga lingkod ni David; at si Uria na Hetheo
ay namatay rin. 18 Nang magkagayo'y nagsugo si Joab, at
isinaysay kay David ang lahat ng mga bagay tungkol sa
pagbabaka; 19 At kaniyang ibinilin sa sugo, na sinasabi,
Pagka ikaw ay nakatapos na magsaysay sa hari ng lahat ng
mga bagay tungkol sa pagbabaka, 20 Mangyari na, kung
ang galit ng hari ay maginit, at kaniyang sabihin sa iyo: Bakit
kayo lumapit na mabuti sa bayan upang bumaka? hindi ba
ninyo nalalaman na sila'y papana mula sa kuta? 21 Sino ang
sumakit kay Abimelech na anak ni Jerobaal? hindi ba isang
babae ang naghagis ng isang bato sa ibabaw ng gilingan sa
kaniya mula sa kuta, na anopa't siya'y namatay sa Thebes?
bakit kayo'y nagpakalapit sa kuta? saka mo sasabihin, Ang
iyong lingkod na si Uria na Hetheo ay namatay rin. 22 Sa
gayo'y yumaon ang sugo, at naparoon at isinaysay kay
David ang lahat na iniutos sa kaniya ni Joab. 23 At sinabi
ng sugo kay David, Ang mga lalake ay nanganaig laban
sa amin, at nilabas kami sa parang, at aming pinaurong
sila hanggang sa pasukan ng pintuang-bayan. 24 At pinana
ng mga mamamana ang iyong mga lingkod mula sa kuta;
at ang iba sa mga lingkod ng hari ay nangamatay, at ang
iyong lingkod na si Uria na Hetheo ay namatay rin. 25 Nang
magkagayo'y sinabi ni David sa sugo, Ganito ang iyong
sasabihin kay Joab: Huwag mong masamain ang bagay na
ito, sapagka't nilalamon ng tabak maging ito gaya ng iba:
iyong palakasin pa ang iyong pagbabaka laban sa bayan, at
iwasak: at iyong palakasin ang loob niya. 26 At nang marinig
ng asawa ni Uria na si Uria na kaniyang asawa ay namatay,
kaniyang tinangisan ang kaniyang asawa. 27 At nang ang
pagtangis ay makaraan, ay nagsugo si David at kinuha siya
sa kaniyang bahay, at siya'y naging kaniyang asawa, at
nagkaanak sa kaniya ng isang lalake. Nguni't ang bagay na
ginawa ni David ay minasama ng Panginoon.

**12** At sinugo ng Panginoon si Nathan kay David. At
siya'y naparoon sa kaniya, at nagsabi sa kaniya, May
dalawang lalake sa isang bayan; ang isa ay mayaman at
ang isa ay mahirap. 2 Ang mayaman ay mayroon totoong
maraming kawan at bakahan: 3 Nguni't ang mahirap ay
walang anomang bagay, liban sa isang munting korderong
babae, na kaniyang binili at inalagaan: at lumaki sa kaniya,
at sa kaniyang mga anak; kumakain ng kaniyang sariling
pagkain at umiinom ng kaniyang sariling inumin, at humihiga
sa kaniyang sinapupunan, at sa kaniya'y parang isang anak.
4 At naparoon ang isang maglalakbay sa mayaman, at
ipinagkait niya ang kaniyang sariling kawan at ang kaniyang
sariling bakahan, na ihanda sa naglalakbay na dumating sa
kaniya, kundi kinuha ang kordero ng mahirap na lalake, at
inihanda sa lalake na dumating sa kaniya. 5 At ang galit ni
David ay nagalab na mainam laban sa lalake; at kaniyang
sinabi kay Nathan, Buhay ang Panginoon, ang lalake na
gumawa nito ay karapatdapat na mamatay: 6 At isinauli
ang kordero na may dagdag na apat, sapagka't kaniyang
ginawa ang bagay na ito, at sapagka't siya'y hindi naawa.
7 At sinabi ni Nathan kay David, Ikaw ang lalaking yaon.
Ganito ang sabi ng Panginoon, ng Dios ng Israel, Pinahiran
kita ng langis na maging hari sa Israel, at aking iniligtas
ka sa kamay ni Saul; 8 At ibinigay ko sa iyo ang bahay ng
iyong panginoon, at ang mga asawa ng iyong panginoon sa
iyong sinapupunan, at ibinigay ko sa iyo ang sangbahayan
ng Israel at ng Juda; at kung totoong kakaunti pa ito, ay
dadagdagan pa kita ng gayong bagay. 9 Bakit nga iyong
niwalang kabuluhan ang salita ng Panginoon, na iyong
ginawa ang masama sa kaniyang paningin? iyong sinugatan

ng tabak si Uria na Hetheo, at iyong kinuha ang kaniyang
asawa upang maging iyong asawa, at iyong pinatay siya ng
tabak ng mga anak ni Ammon. 10 Ngayon nga'y ang tabak ay
hindi hihiwalay kailan man sa iyong sangbahayan; sapagka't
iyong niwalan ng kabuluhan ako, at iyong kinuha ang asawa
ni Uria na Hetheo upang maging iyong asawa. 11 Ganito ang
sabi ng Panginoon, Narito, ako'y magtitindig ng kasamaan
laban sa iyo na mula sa iyong sariling sangbahayan, at
aking kukunin ang iyong mga asawa sa harap ng iyong mga
mata, at aking ipagbibigay sa iyong kapuwa, at kaniyang
sisipingan ang iyong mga asawa sa sikat ng araw na ito.
12 Sapagka't iyong ginawa na lihim: nguni't aking gagawin
ang bagay na ito sa harap ng buong Israel, at sa harap ng
araw. 13 At sinabi ni David kay Nathan, Ako'y nagkasala
laban sa Panginoon. At sinabi ni Nathan kay David, Inalis din
ng Panginoon ang iyong kasalanan; hindi ka mamamatay.
14 Gayon ma'y sapagka't sa gawang ito'y iyong binigyan
ng malaking pagkakataon ang mga kaaway ng Panginoon
upang magsipanungayaw, ang bata naman na ipinanganak
sa iyo ay walang pagsalang mamamatay. 15 At si Nathan
ay umuwi sa kaniyang bahay. At sinaktan ng Panginoon
ang bata na ipinanganak ng asawa ni Uria kay David, at
totoong malubha. 16 Ipinanalangin nga ni David sa Dios ang
bata; at si David ay nagaayuno, at pumapasok, at humihiga
buong gabi sa lupa. 17 At bumabangon ang mga matanda
sa kaniyang bahay, at tumatayo sa siping niya, upang itindig
siya sa lupa; nguni't siya'y ayaw kahit kumain ng tinapay
na kasalo nila. 18 At nangyari, nang ikapitong araw, na
ang bata ay namatay. At nangatakot ang mga lingkod ni
David na saysayin sa kaniya na ang bata ay patay na:
sapagka't kanilang sinabi, Narito, samantalang ang bata
ay buhay pa, tayo ay nakipagsalitaan sa kaniya, at hindi
siya nakinig sa ating tinig: gaano ngang ikababagabag niya
kung ating sasabihin sa kaniya na ang bata ay patay na? 19
Nguni't nang makita ni David na ang kaniyang mga lingkod
ay nagbubulong-bulungan, nahalata ni David na ang bata
ay patay na: at sinabi ni David sa kaniyang mga lingkod,
Patay na ba ang bata? At kanilang sinabi, Siya'y patay na.
20 Nang magkagayo'y bumangon si David sa lupa at naligo,
at nagpahid ng langis, at nagbihis ng kaniyang suot; at
siya'y naparoon sa bahay ng Panginoon, at sumamba: saka
naparoon siya sa kaniyang sariling bahay; at nang siya'y
humingi, hinainan nila ng tinapay siya sa harap, at siya'y
kumain. 21 Nang magkagayo'y sinabi ng kaniyang mga
lingkod sa kaniya, Anong bagay ito na iyong ginawa? ikaw
ay nagaayuno at umiiyak dahil sa bata, samantalang siya'y
buhay; nguni't nang mamatay ang bata, ikaw ay bumangon
at kumain ng tinapay. 22 At kaniyang sinabi, Samantalang
ang bata'y buhay pa, ako'y nagaayuno at umiiyak: sapagka't
aking sinabi, Sino ang nakakaalam kung maaawa sa akin
ang Panginoon, na anopa't ang bata'y mabuhay? 23 Nguni't
ngayo'y patay na siya; bakit pa ako magaayuno? Maibabalik
ko pa ba siya? Ako'y paroroon sa kaniya, nguni't siya'y
hindi babalik sa akin. 24 At inaliw ni David si Bath-sheba
na kaniyang asawa, at lumapit sa kaniya, at sumiping sa
kaniya: At siya'y nanganak ng isang lalake, at tinawag niya
ang kaniyang pangalan na Salomon. At minahal siya ng
Panginoon. 25 At nagsugo siya sa pamamagitan ng kamay ni
Nathan na propeta, at tinawag niya ang kaniyang pangalan
na Jedidiah alang-alang sa Panginoon. 26 Nakipaglaban
nga si Joab, sa Rabba sa mga anak ni Ammon, at sinakop
ang bayang hari. 27 At nagsugo si Joab ng mga sugo kay
David, at nagsabi, Ako'y nakipaglaban sa Rabba, oo, aking
sinakop ang bayan ng mga bukal ng tubig. 28 Ngayon nga'y
pisanin mo ang nalabi sa bayan, at humantong ka laban
sa bayan, at sakupin mo: baka aking sakupin ang bayan,
at tawagin ayon sa aking pangalan. 29 At pinisan ni David
ang buong bayan, at naparoon sa Rabba, at bumaka laban
doon, at sinakop. 30 At inalis ang putong ng kanilang hari sa
kaniyang ulo: at ang bigat niyaon ay isang talentong ginto, at
may mga mahalagang bato; at ipinutong sa ulo ni David. At
siya'y naglabas ng samsam sa bayan na totoong marami. 31
At kaniyang inilabas ang bayan na nandoon, at inilagay sa
ilalim ng mga lagari, at ng mga suyod na bakal, at ng mga
palakol na bakal, at mga pinaraan sa mga lutuan ng laryo: at
gayon ang ginawa niya sa lahat ng mga bayan ng mga anak
ni Ammon. At si David at ang buong bayan ay bumalik sa
Jerusalem.

13 At nangyari, pagkatapos nito, na si Absalom na anak
ni David ay mayroong isang kapatid na babae na
maganda, na ang pangala'y Thamar; at sininta siya ni Amnon
na anak ni David. 2 At si Amnon ay totoong nagdamdam,
na anopa't siya'y nagkasakit dahil sa kaniyang kapatid na
kay Thamar; sapagka't siya'y dalaga; at inaakala ni Amnon
na mahirap gawan siya ng anomang bagay. 3 Nguni't si
Amnon ay may isang kaibigan na ang pangala'y Jonadab, na
anak ni Simea na kapatid ni David: at si Jonadab ay isang
lalaking totoong magdaraya. 4 At sinabi niya sa kaniya,
Bakit, Oh anak ng hari, sa araw araw ay nangangayayat
kang ganyan? hindi mo ba sasaysayin sa akin? At sinabi
ni Amnon sa kaniya, Aking sinisinta si Thamar na kapatid
ng aking kapatid na si Absalom. 5 At sinabi ni Jonadab sa
kaniya, Mahiga ka sa iyong higaan, at magsakitsakitan ka:
at pagka ang iyong ama ay naparoon upang tingnan ka,
sabihin mo sa kaniya, Isinasamo ko sa iyo na bayaang ang
aking kapatid na si Thamar ay pumarito, at bigyan ako ng
tinapay na makakain, at maghanda ng pagkain sa aking
paningin upang aking makita, at kanin sa kaniyang kamay.

6 Sa gayo'y nahiga si Amnon at nagsakitsakitan: at nang
pumaroon ang hari upang tingnan siya, sinabi ni Amnon sa
hari, Isinasamo ko sa iyo na bayaang pumarito ang aking
kapatid na si Thamar, at igawa ako ng dalawang tinapay na
maliit sa aking paningin upang aking makain sa kaniyang
kamay. 7 Nang magkagayo'y nagsugo si David sa bahay
kay Thamar, na sinasabi, Pumaroon ka ngayon sa bahay
ng iyong kapatid na si Amnon, at ipaghanda mo siya ng
pagkain. 8 Sa gayo'y naparoon si Thamar sa bahay ng
kaniyang kapatid na si Amnon; at siya'y nakahiga. At siya'y
kumuha ng isang masa, at minasa, at ginawang mga binilong
tinapay sa kaniyang paningin, at niluto na mga munting
tinapay. 9 At kinuha niya ang kawali, at mga ibinuhos sa
harap niya; nguni't kaniyang tinanggihang kanin. At sinabi ni
Amnon: Palabasin ang lahat na tao sa harap ko. At silang
lahat ay lumabas, bawa't isa mula sa harap niya. 10 At
sinabi ni Amnon kay Thamar: Dalhin mo rito sa silid ang
pagkain, upang aking makain sa iyong kamay. At kinuha ni
Thamar ang mga munting tinapay na kaniyang ginawa, at
mga dinala sa silid kay Amnon na kaniyang kapatid. 11 At
nang ilapit niya sa kaniya upang kanin, kaniyang tinangnan
siya, at sinabi niya sa kaniya, Halika, sumiping ka sa akin,
kapatid ko. 12 At sumagot siya sa kaniya, Huwag kapatid ko,
huwag mo akong dahasin; sapagka't hindi marapat gawin
sa Israel ang ganyang bagay: huwag kang gumawa ng
ganitong kaululan. 13 At ako, saan ko dadalhin ang aking
hiya? at tungkol sa iyo, ikaw ay magiging gaya ng isa sa
mga mangmang sa Israel. Ngayon nga, isinasamo ko sa iyo,
magsalita ka sa hari, sapagka't hindi ipagkakait ako sa iyo.
14 Gayon ma'y hindi niya dininig ang kaniyang tinig: kundi
palibhasa't siya'y malakas kay sa kaniya, dinahas niya siya,
at sumiping sa kaniya. 15 Nang magkagayo'y kinapootan
siya ni Amnon na may mahigpit na poot; sapagka't ang
kapootan na kaniyang ikinapoot sa kaniya ay malaki kay sa
pagsinta na kaniyang isininta sa kaniya. At sinabi ni Amnon
sa kaniya, Bumangon ka, ikaw ay yumaon. 16 At sinabi
niya sa kaniya, Huwag ganyan, sapagka't itong malaking
kasamaan sa pagpapalabas mo sa akin ay higit kay sa iba
na iyong ginawa sa akin. Nguni't ayaw niyang dinggin siya.
17 Nang magkagayo'y tinawag niya ang kaniyang alipin na
nagaalaga sa kaniya, at sinabi, Ilabas mo ang babaing ito sa
harap ko, at itrangka mo ang pintuan pagkalabas niya. 18
At siya'y may suot na sarisaring kulay: sapagka't ang mga
gayong kasuutan ang isinusuot ng mga anak na dalaga ng
hari. Nang magkagayo'y inilabas siya ng kaniyang alipin at
tinarangkahan ang pintuan pagkalabas niya. 19 At binuhusan
ni Thamar ng mga abo ang kaniyang ulo, at hinapak ang
kaniyang suot na sarisaring kulay na nakasuot sa kaniya;
at kaniyang ipinatong ang kaniyang kamay sa kaniyang
ulo, at ipinagpatuloy ang kaniyang lakad, na umiiyak ng
malakas habang siya'y yumayaon. 20 At sinabi ni Absalom
na kaniyang kapatid sa kaniya, Napasa iyo ba si Amnon na
iyong kapatid? nguni't ngayo'y tumahimik ka, kapatid ko:
siya'y iyong kapatid; huwag mong isapuso ang bagay na ito.
Sa gayo'y si Thamar ay nagpighati sa bahay ng kaniyang
kapatid na si Absalom. 21 Nguni't nang mabalitaan ng haring
si David ang lahat ng mga bagay na ito, siya'y totoong
napoot. 22 At hindi nagsalita si Absalom kay Amnon kahit
mabuti o masama man; sapagka't pinagtaniman ni Absalom
si Amnon dahil sa kaniyang dinahas ang kaniyang kapatid
na si Thamar. 23 At nangyari, pagkatapos ng dalawang
buong taon, na nagpagupit ng mga tupa si Absalom sa
Baal-hasor na nasa siping ng Ephraim: at inanyayahan ni
Absalom ang lahat ng mga anak ng hari. 24 At naparoon si
Absalom sa hari, at sinabi niya, Narito ngayon, ang iyong
lingkod ay nagpapagupit ng mga tupa; isinasamo ko sa iyo
na ang hari at ang kaniyang mga lingkod ay magsiyaong
kasama ng iyong lingkod. 25 At sinabi ng hari kay Absalom,
Huwag anak ko, huwag tayong magsiyaong lahat, baka
maging mabigat na pasan sa iyo. At pinilit niya siya: gayon
ma'y hindi siya yumaon, kundi binasbasan siya. 26 Nang
magkagayo'y sinabi ni Absalom, Kung hindi isinasamo ko
sa iyo, pasamahin mo sa amin ang aking kapatid na si
Amnon. At sinabi ng hari sa kaniya, Bakit siya sasama sa
iyo? 27 Nguni't pinilit siya ni Absalom, na anopa't kaniyang
pinasama sa kaniya si Amnon at ang lahat ng mga anak ng
hari. 28 At iniutos ni Absalom sa kaniyang mga lingkod na
sinasabi, Tandaan ninyo ngayon, pagka ang puso ni Amnon
ay sumaya dahil sa alak; at pagka ang aking sinabi sa inyo,
Saktan ninyo si Amnon, patayin nga ninyo siya: huwag
kayong mangatakot: hindi ba ako ang nagutos sa inyo? kayo
nga'y magpakalakas, at magpakatapang. 29 At ginawa ng
mga lingkod ni Absalom kay Amnon kung ano ang iniutos ni
Absalom. Nang magkagayo'y nagsitindig ang lahat ng mga
anak ng hari, at sumakay bawa't lalake sa kaniyang mula, at
tumakas. 30 At nangyari, samantalang sila'y nasa daan, na
ang balita ay dumating kay David, na sinasabi, Pinatay ni
Absalom ang lahat ng mga anak ng hari, at walang nalabi
isa man sa kanila. 31 Nang magkagayo'y bumangon ang
hari at hinapak ang kaniyang mga suot, at humiga sa lupa;
at lahat niyang mga lingkod ay nakatayo sa palibot na hapak
ang kanilang mga suot. 32 At si Jonadab na anak ni Simea
na kapatid ni David, ay sumagot at nagsabi, Huwag akalain
ng aking panginoon na kanilang pinatay ang lahat ng mga
binatang anak ng hari, sapagka't si Amnon lamang ang
patay: sapagka't sa pasiya ni Absalom ay pinasiyahan ito
mula sa araw na kaniyang dahasin ang kaniyang kapatid
na si Thamar. 33 Ngayon nga'y huwag isapuso ng aking

panginoon na hari ang bagay, na akalain ang lahat ng mga
anak ng hari ay patay: sapagka't si Amnon lamang ang
patay. 34 Nguni't si Absalom ay tumakas. At ang bataan
na nagbabantay ay tumanaw ng kaniyang mga mata, at
tumingin, at, narito, dumarating ay maraming tao sa daan na
mula sa burol, sa likuran niya. 35 At sinabi ni Jonadab sa
hari, Narito, ang mga anak ng hari ay nagsisidating: kung
ano ang sinabi ng inyong lingkod, ay nagkagayon. 36 At
nangyari pagkatapos niyang makapagsalita, na, narito, ang
mga anak ng hari ay nagsidating, at inilakas ang kanilang
tinig at nagsiiyak: at ang hari naman at ang lahat niyang
mga lingkod ay nagsiiyak na mainam. 37 Nguni't tumakas
si Absalom at naparoon kay Talmai na anak ni Amiud na
hari sa Gessur. At tinangisan ni David ang kaniyang anak
araw araw. 38 Sa gayo'y tumakas si Absalom at naparoon
sa Gessur, at dumoong tatlong taon. 39 At pinanabikan
ng haring David na paroonan si Absalom: sapagka't siya'y
naaliw na tungkol kay Amnon yamang patay na.

**14** Nahalata nga ni Joab, na anak ni Sarvia, na ang puso
ng hari ay nahihilig kay Absalom. 2 At nagsugo si
Joab sa Tecoa, at nagdala mula roon ng isang pantas na
babae, at sinabi sa kaniya, Isinasamo ko sa iyong ikaw ay
magpakunwari na tagapanaghoy at magluksa, at huwag
kang magpahid ng langis, kundi ikaw ay magpakunwaring
isang babae na mahabang panahon na tumatangis dahil
sa isang namatay: 3 At pasukin mo ang hari, at magsalita
ka ng ganitong paraan sa kaniya. Sa gayo'y inilagay ni
Joab ang mga salita sa kaniyang bibig. 4 At nang magsalita
ang babae sa Tecoa sa hari, ay nagpatirapa sa lupa, at
nagbigay galang, at nagsabi: Tulungan mo ako, Oh hari. 5
At sinabi ng hari sa kaniya, Anong mayroon ka? At siya'y
sumagot: Sa katotohanan ako'y bao, at ang aking asawa
ay patay na. 6 At ang iyong lingkod ay may dalawang
anak, at silang dalawa'y nagaway sa parang at walang
maghiwalay sa kanila, kundi sinaktan ng isa ang isa, at
pinatay siya. 7 At, narito, ang buong angkan ay bumangon
laban sa iyong lingkod, at sila'y nagsabi, Ibigay mo siya na
sumakit sa kaniyang kapatid, upang siya'y mapatay namin
dahil sa buhay ng kaniyang kapatid na kaniyang pinatay, at
sa gayo'y iwasak namin ang tagapagmana naman; ganito
nila papatayin ang aking baga na nalabi; at walang iiwan
sa aking asawa kahit pangalan o anomang labi sa balat
ng lupa. 8 At sinabi ng hari sa babae, Umuwi ka sa iyong
bahay, at ako'y magbibilin tungkol sa iyo. 9 At ang babae
sa Tecoa ay nagsabi sa hari: Panginoon ko, Oh hari, ang
kasamaan ay suma akin nawa, at sa sangbahayan ng aking
ama: at ang hari at ang kaniyang luklukan ay mawalan
nawa ng sala. 10 At sinabi ng hari, Sinomang magsabi
sa iyo ng anoman, dalhin mo sa akin, at hindi ka na niya
gagalawin pa. 11 Nang magkagayo'y sinabi niya, Isinasamo
ko sa iyo, na alalahanin ng hari ang Panginoon mong Dios,
na huwag patayin ng mapanghiganti sa dugo kailan man,
baka kanilang ibuwal ang aking anak. At kaniyang sinabi:
Buhay ang Panginoon, walang buhok ng iyong anak na
mahuhulog sa lupa. 12 Nang magkagayo'y sinabi ng babae:
Pahintulutan mo ang iyong lingkod, isinasamo ko sa iyo, na
magsalita ng isang salita sa aking panginoon na hari. At
kaniyang sinabi, Sabihin mo. 13 At sinabi ng babae, Bakit
nga iyong inakala ang gayong bagay laban sa bayan ng
Dios? sapagka't sa pagsasalita ng ganitong salita ay parang
may sala ang hari, dangang hindi ipinabalik ng hari ang
kaniyang sariling itinapon. 14 Sapagka't tayo'y mamamatay
na walang pagsala at gaya ng tubig na mabubuhos sa
lupa, na hindi mapupulot uli: ni nagaalis man ang Dios ng
buhay, kundi humahanap ng paraan na siya na itinapon ay
huwag mamalagi na tapon sa kaniya. 15 Ngayon nga'y kung
kaya't ako'y naparito upang salitain ang salitang ito sa aking
panginoon na hari, ay sapagka't tinakot ako ng bayan: at
sinabi ng iyong lingkod, Ako'y magsasalita sa hari; marahil
ay gagawin ng hari ang kahilingan ng kaniyang lingkod.
16 Sapagka't didinggin ng hari upang iligtas ang kaniyang
lingkod sa kamay ng lalake na nagiibig magbuwal sa akin at
sa aking anak na magkasama sa mana ng Dios. 17 Nang
magkagayo'y sinabi ng iyong lingkod, Isinasamo ko sa iyo
na ang salita ng aking panginoon na hari ay sa ikaaaliw:
sapagka't kung paano ang anghel ng Dios, ay gayon ang
aking panginoon na hari na magdilidili ng mabuti at masama:
at ang Panginoong iyong Dios ay sumaiyo nawa. 18 Nang
magkagayo'y sumagot ang hari at nagsabi sa babae, Huwag
mong ikubli sa akin, isinasamo ko sa iyo, ang anoman na
aking itatanong sa iyo. At sinabi ng babae, Magsalita nga
ang aking panginoon na hari. 19 At sinabi ng hari, sumasaiyo
ba ang kamay ni Joab sa bagay na ito? At sumagot ang
babae at nagsabi, Buhay ang iyong kaluluwa, panginoon ko
na hari, walang makaliliko sa kanan o sa kaliwa sa anoman
na sinalita ng aking panginoon na hari, sapagka't ang iyong
lingkod na si Joab ay siyang nagutos sa akin, at siyang
naglagay ng lahat ng mga salitang ito sa bibig ng iyong
lingkod: 20 Upang baguhin ang anyo ng bagay ay ginawa
ng iyong lingkod na si Joab ang bagay na ito: at ang aking
panginoon ay pantas ayon sa karunungan ng anghel ng
Dios, na makaalam ng lahat ng mga bagay na nasa lupa. 21
At sinabi ng hari kay Joab, Narito, ngayon, aking ginawa
ang bagay na ito: yumaon ka nga, dalhin mo rito uli ang
binatang si Absalom. 22 At nagpatirapa si Joab sa lupa, at
nagbigay galang, at binasbasan ang hari: at sinabi ni Joab,
Ngayo'y talastas ng iyong lingkod na ako'y nakasumpong ng
biyaya sa iyong paningin, panginoon ko, Oh hari, sa paraang

pinayagan ng hari ang kahilingan ng kaniyang lingkod. 23 Sa
gayo'y bumangon si Joab at naparoon sa Gessur, at dinala
si Absalom sa Jerusalem. 24 At sinabi ng hari, Bumalik
siya sa kaniyang sariling bahay, nguni't huwag makita ang
aking mukha. Sa gayo'y bumalik si Absalom sa kaniyang
sariling bahay, at hindi nakita ang mukha ng hari. 25 Sa
buong Israel nga'y walang gaya ni Absalom na pinakakapuri
dahil sa kagandahan: mula sa talampakan ng kaniyang paa
hanggang sa tuktok ng kaniyang ulo, ay walang ipipintas sa
kaniya. 26 At pagka kaniyang ipinagugupit ang kaniyang
buhok (sa bawa't katapusan nga ng bawa't taon siya ay
nagpapagupit: sapagka't mabigat sa kaniya ang buhok kaya't
kaniyang ipinagugupit: ) kaniyang tinitimbang ang buhok
ng kaniyang ulo na may dalawang daang siklo, ayon sa
timbangan ng hari. 27 At ipinanganak kay Absalom ay tatlong
lalake, at isang babae, na ang pangala'y Thamar: siya'y
isang babae na may magandang mukha. 28 At tumahan si
Absalom na dalawang buong taon sa Jerusalem; at hindi
niya nakita ang mukha ng hari. 29 Nang magkagayo'y
pinasuguan ni Absalom si Joab, upang suguin sa hari:
nguni't hindi siya naparoon sa kaniya: at siya'y nagsugo
na ikalawa, nguni't siya'y ayaw paroon. 30 Kaya't kaniyang
sinabi sa kaniyang mga alipin: Tingnan ninyo, ang bukid ni
Joab ay malapit sa akin, at siya'y may sebada roon; yumaon
kayo, at silaban ninyo. At sinilaban ng mga alipin ni Absalom
ang bukid. 31 Nang magkagayo'y bumangon si Joab, at
naparoon kay Absalom sa kaniyang bahay, at nagsabi sa
kaniya, Bakit sinilaban ng iyong alipin ang aking bukid? 32
At sinagot ni Absalom si Joab, Narito, ako'y nagpasugo
sa iyo, na nagpasabi, Parito ka, upang aking masugo ka
sa hari, na magsabi, Sa anong kapararakan naparoon ako
mula sa Gessur? lalong mabuti sa akin na tumigil doon.
Ngayon nga'y ipakita mo sa akin ang mukha ng hari; at
kung may kasamaan sa akin, patayin niya ako. 33 Sa gayo'y
naparoon si Joab sa hari at isinaysay sa kaniya: at nang
kaniyang matawag na si Absalom, siya'y naparoon sa hari,
at nagpatirapa sa lupa sa harap ng hari; at hinagkan ng hari
si Absalom.

**15** At nangyari, pagkatapos nito, na naghanda si Absalom
ng isang karo at mga kabayo, at limang pung lalaking
tatakbo sa unahan niya. 2 At bumangong maaga si Absalom,
at tumayo sa tabi ng daan sa pintuang-bayan; at nangyari,
na pagka ang sinomang tao ay mayroong usap na ilalapit
sa hari upang hatulan, na tinatawag nga ni Absalom, at
sinabi, Taga saang bayan ka? At kaniyang sinabi, Ang
iyong lingkod ay isa sa mga lipi ng Israel. 3 At sinabi ni
Absalom sa kaniya, Tingnan mo, ang iyong usap ay mabuti
at matuwid: nguni't walang kinatawan ang hari na duminig
sa iyong usap. 4 Sinabi ni Absalom bukod dito: Oh maging
hukom sana ako sa lupain, upang ang bawa't tao na may
anomang usap, o anomang bagay, ay pumarito sa akin at
siya'y aking magawan ng katuwiran! 5 At nangyayari na
pagka ang sinoman ay lumalapit upang magbigay galang
sa kaniya, na kaniyang iniuunat ang kaniyang kamay at
hinahawakan siya at hinahalikan siya. 6 At ganitong paraan
ang ginagawa ni Absalom sa buong Israel na naparoroon
sa hari sa pagpapahatol: sa gayo'y ginanyak ni Absalom
ang mga kalooban ng mga tao ng Israel. 7 At nangyari, sa
katapusan ng apat na pung taon, na sinasabi ni Absalom
sa hari, Isinasamo ko sa iyo na payaunin mo ako at ako'y
tumupad ng aking panata na aking ipinanata sa Panginoon,
sa Hebron. 8 Sapagka't ang iyong lingkod ay nanata ng isang
panata samantalang ako'y tumatahan sa Gesur sa Siria,
na nagsabi, Kung tunay na dadalhin uli ako ng Panginoon
sa Jerusalem, maglilingkod nga ako sa Panginoon. 9 At
sinabi ng hari sa kaniya, Yumaon kang payapa. Sa gayo'y
bumangon siya, at naparoon sa Hebron. 10 Nguni't si
Absalom ay nagsugo ng mga tiktik sa lahat ng mga lipi ng
Israel, na sinasabi, Pagkarinig ninyo ng tunog ng pakakak,
inyo ngang sasabihin, Si Absalom ay hari sa Hebron. 11 At
lumabas sa Jerusalem na kasama ni Absalom ay dalawang
daang lalake na mga inanyayahan, at nangaparoon silang
walang malay; at wala silang nalalamang anoman. 12
At pinagsuguan ni Absalom si Achitophel na Gilonita, na
kasangguni ni David, mula sa kaniyang bayan, mula sa
Gilo samantalang siya'y naghahandog ng mga hain. At
mahigpit ang pagbabanta: sapagka't ang bayan na kasama
ni Absalom ay dumadami ng dumadami. 13 At naparoon
ang isang sugo kay David, na nagsasabi, Ang mga puso
ng mga lalake ng Israel ay sumusunod kay Absalom. 14
At sinabi ni David sa lahat ng kaniyang mga lingkod na
nasa kaniya sa Jerusalem, magsibangon kayo, at tayo'y
magsitakas; sapagka't liban na rito ay walang makatatanan
sa atin kay Absalom: mangagmadali kayo ng pagtakas,
baka sa pagmamadali ay abutan tayo, at dalhan tayo ng
kasamaan, at sugatan ang bayan ng talim ng tabak. 15 At
sinabi ng mga lingkod ng hari sa hari, Narito, ang iyong mga
lingkod ay handa na gumawa ng anoman na pipiliin ng aming
panginoon na hari. 16 At lumabas ang hari at ang buong
sangbahayan niya na sumunod sa kaniya. At nagiwan ang
hari ng sangpung babae, na mga kinakasama niya, upang
magingat ng bahay. 17 At lumabas ang hari at ang buong
bayan na kasunod niya: at sila'y nagpahinga sa Beth-merac.
18 At ang lahat niyang mga lingkod ay nagsidaan sa siping
niya; at ang lahat na Ceretheo, at ang lahat na Peletheo,
at ang lahat ng mga Getheo, na anim na raang lalake na
nagsisunod sa kaniya mula sa Gath, na nangagpapauna
sa hari. 19 Nang magkagayo'y sinabi ng hari kay Ittai na

Getheo, Bakit pati ikaw ay sumasama sa amin? bumalik ka
at tumahan kang kasama ng hari: sapagka't ikaw ay taga
ibang lupa at tapon pa: bumalik ka sa iyong sariling dako. **20**
Yamang kahapon ka lamang dumating ay papagpapanhik
manaugin na ba kita sa araw na ito na kasama namin,
dangang ako'y yumayaon kung saan maaari? bumalik ka, at
ibalik mo ang iyong mga kapatid; kaawaan at katotohanan
nawa ang sumaiyo. **21** At sumagot si Ittai sa hari, at nagsabi,
Buhay ang Panginoon, at buhay ang aking panginoon na
hari, tunay na kung saan dumoon ang aking panginoon
na hari, maging sa kamatayan o sa kabuhayan ay doroon
naman ang iyong lingkod. **22** At sinabi ni David kay Ittai, Ikaw
ay yumaon at magpauna. At si Ittai na Getheo ay nagpauna,
at ang lahat niyang lalake, at ang lahat na bata na kasama
niya. **23** At ang buong lupain ay umiyak ng malakas, at ang
buong bayan ay tumawid: ang hari man ay tumawid din
sa batis ng Cedron, at ang buong bayan ay tumawid, sa
daan ng ilang. **24** At, narito, pati si Sadoc at ang lahat na
Levita na kasama niya, na may dala ng kaban ng tipan ng
Dios; at kanilang inilapag ang kaban ng Dios, at sumampa si
Abiathar, hanggang sa ang buong bayan ay nakalabas sa
bayan. **25** At sinabi ng hari kay Sadoc, Ibalik mo ang kaban
ng Dios sa bayan: kung ako'y makakasumpong ng biyaya sa
mga mata ng Panginoon, kaniyang ibabalik ako at ipakikita
sa akin ang kaban at gayon din ang kaniyang tahanan. **26**
Nguni't kung sabihin niyang ganito, Hindi kita kinalulugdan;
narito, ako'y nandito, gawin niya; sa akin ang inaakala niyang
mabuti. **27** Sinabi rin ng hari kay Sadoc na saserdote, Hindi
ka ba tagakita? bumalik kang payapa sa bayan, at ang iyong
dalawang anak na kasama ninyo, si Ahimaas na iyong anak,
at si Jonathan na anak ni Abiathar. **28** Tingnan mo, ako'y
maghihintay sa mga tawiran sa ilang, hanggang sa may
dumating na salita na mula sa inyo na magpatotoo sa akin.
**29** Dinala nga uli sa Jerusalem ni Sadoc at ni Abiathar ang
kaban ng Dios: at sila'y nagsitahan doon. **30** At umahon
si David sa ahunan sa bundok ng mga Olibo, at umiiyak
habang siya'y umaahon; at ang kaniyang ulo ay may takip,
at lumalakad siya na walang suot ang paa; at ang buong
bayan na kasama niya ay may takip ang ulo ng bawa't isa, at
sila'y nagsisiahon, na nagsisiiyak habang sila'y nagsisiahon.
**31** At isinaysay ng isa kay David na sinasabi, Si Achitophel
ay nasa nanganghihimagsik na kasama ni Absalom. At
sinabi ni David, Oh Panginoon, isinasamo ko sa iyo, na
iyong gawing kamangmangan ang payo ni Achitophel. **32**
At nangyari na nang si David ay dumating sa taluktok ng
bundok, na doon sinasamba ang Dios, narito, si Husai na
Arachita ay sumalubong sa kaniya, na ang kaniyang suot
ay hapak, at may lupa sa kaniyang ulo: **33** At sinabi ni
David sa kaniya, Kung ikaw ay magpatuloy na kasama ko ay
magiging isang pasan ka nga sa akin. **34** Nguni't kung ikaw
ay bumalik sa bayan, at sabihin mo kay Absalom, Ako'y
magiging iyong lingkod, Oh hari; kung paanong ako'y naging
lingkod ng iyong ama nang panahong nakaraan, ay gayon
magiging lingkod mo ako ngayon: kung magkagayo'y iyo
ngang masasansala ang payo ni Achitophel sa ikabubuti ko.
**35** At hindi ba kasama mo roon si Sadoc at si Abiathar na
mga saserdote? kaya't mangyayari, na anomang bagay ang
iyong marinig sa sangbahayan ng hari, iyong sasaysayin
kay Sadoc at kay Abiathar na mga saserdote. **36** Narito
nasa kanila roon ang kanilang dalawang anak, si Ahimaas
na anak ni Sadoc, at si Jonathan na anak ni Abiathar; at
sa pamamagitan nila ay inyong maipadadala sa akin ang
bawa't bagay na inyong maririnig. **37** Sa gayo'y si Husai na
kaibigan ni David ay pumasok sa bayan; at si Absalom ay
pumasok sa Jerusalem.

**16** At nang si David ay makaraan sa dako pa noon ng
kaunti ng taluktok ng bundok, narito, si Siba na lingkod
ni Mephiboseth ay sumalubong sa kaniya, na may handang
isang tuwang na asno, at sa ibabaw ng mga yaon ay
dalawang daang tinapay, at isang daang kumpol na pasas,
at isang daang bunga sa taginit, at isang sisidlang balat
ng alak. **2** At sinabi ng hari kay Siba, Ano ang iyong ibig
sabihin sa mga ito? At sinabi ni Siba, Ang mga asno ay
upang sakyan ng sangbahayan ng hari; at ang tinapay at
ang bunga sa taginit ay upang mangakain ng mga binata; at
ang alak ay upang mainom ng nangapapagod sa ilang. **3** At
sinabi ng hari, At nasaan ang anak ng iyong panginoon? At
sinabi ni Siba sa hari, Narito, siya'y tumatahan sa Jerusalem;
sapagka't kaniyang sinabi, Ngayo'y ibabalik sa akin ang
sangbahayan ng Israel, ang kaharian ng aking ama. **4**
Nang magkagayo'y sinabi ng hari kay Siba, Narito, iyo ang
buong nauukol kay Mephiboseth. At sinabi ni Siba, Ako'y
yumuyukod; makasumpong nawa ako ng biyaya sa paningin
mo, panginoon ko, Oh hari. **5** At nang dumarating ang hari
sa Bahurim, narito, lumalabas na mula roo'y isang lalake sa
angkan ng sangbahayan ni Saul, na ang pangala'y Semei, na
anak ni Gera: siya'y lumalabas, at manunumpa habang siya'y
lumalabas. **6** At kaniyang hinagis ng mga bato si David, at
ang lahat ng lingkod ng haring si David: at ang buong bayan,
at ang lahat na malalakas na lalake ay nasa kaniyang kanan,
at sa kaniyang kaliwa. **7** At ganito ang sinabi ni Semei
nang siya'y nanunumpa, Lumayas ka, lumayas ka, ikaw na
lalaking mabagsik, at hamak na lalake: **8** Ibinalik sa iyo ng
Panginoon ang buong dugo ng sangbahayan ni Saul na siya
mong hinalinhan ng pagkahari; at ibinigay ng Panginoon ang
kaharian sa kamay ni Absalom na iyong anak: at, narito,
ikaw ay nasa iyong sariling kasamaan, sapagka't ikaw ay
lalaking mabagsik. **9** Nang magkagayo'y sinabi ni Abisai na

anak ni Sarvia sa hari, Bakit susumpain nitong asong patay
ang aking panginoon na hari? payaunin mo ako, isinasamo
ko sa iyo, at pugutin ang kaniyang ulo. 10 At sinabi ng
hari, Anong ipakikialam ko sa inyo, kayong mga anak ni
Sarvia? Sapagka't siya'y nanunumpa, at sapagka't sinabi ng
Panginoon sa kaniya, Sumpain mo si David, sino nga ang
magsasabi, Bakit ka gumawa ng ganyan? 11 At sinabi ni
David kay Abisai, at sa lahat niyang mga lingkod, Narito,
ang anak ko, na lumabas sa aking tiyan, siyang humahanap
ng aking buhay: gaano pa nga kaya ang gagawin ngayon
ng Benjamitang ito? bayaan ninyo siya at manumpa siya:
sapagka't iniutos ng Panginoon sa kaniya. 12 Marahil ay
titingnan ng Panginoon ang kasamaang ginagawa sa akin,
at gagawan ako ng mabuti ng Panginoon sa sumpa niya sa
akin sa araw na ito. 13 Sa gayo'y nagpatuloy ng lakad si
David at ang kaniyang mga lalake: at si Semei ay yumaon
sa tagiliran ng bundok sa tapat niya, at sumusumpa habang
siya'y yumayaon, at hinahagis ng bato siya, at nananaboy ng
alabok. 14 At ang hari at ang buong bayan na nasa kaniya
ay nagsidating na pagod; at siya'y nagpahinga roon. 15 At si
Absalom at ang buong bayan, na mga lalake ng Israel, ay
nagsidating sa Jerusalem at si Achitophel na kasama niya.
16 At nangyari, nang si Husai na Arachita, na kaibigan ni
David, ay dumating kay Absalom, na sinabi ni Husai kay
Absalom, Mabuhay ang hari, mabuhay ang hari. 17 At sinabi
ni Absalom kay Husai, Ito ba ang iyong kagandahang loob
sa iyong kaibigan? bakit hindi ka sumama sa iyong kaibigan?
18 At sinabi ni Husai kay Absalom, Hindi; kundi kung sinong
piliin ng Panginoon, at ng bayang ito, at ng lahat na lalake
sa Israel, doroon ako, at sa kasamahan noon tatahan ako.
19 At saka, kanino ako maglilingkod? hindi ba sa harap ng
kaniyang anak? kung paanong ako'y naglingkod sa harap ng
iyong ama, ay magiging gayon ako sa iyong harap. 20 Nang
magkagayo'y sinabi ni Absalom kay Achitophel, Magbigay
payo kayo kung ano ang ating gagawin. 21 At sinabi ni
Achitophel kay Absalom, Sipingan mo ang mga babae ng
iyong ama, na kaniyang iniwan na magsipagingat ng bahay;
at mababalitaan ng buong Israel na ikaw ay makayayamot
sa iyong ama: kung magkagayo'y lalakas ang mga kamay
ng lahat na nasa iyo. 22 Sa gayo'y kanilang ipinagladlad si
Absalom ng isang tolda sa bubungan ng bahay; at sinipingan
ni Absalom ang mga babae ng kaniyang ama sa paningin ng
buong Israel. 23 At ang payo ni Achitophel, na kaniyang
ipinapayo sa mga araw na yaon, ay gaya ng kung ang isang
lalake ay nagsisiyasat sa salita ng Dios: gayong lahat ang
payo ni Achitophel kay David at gayon din kay Absalom.

**17** Bukod dito'y sinabi ni Achitophel kay Absalom, Papiliin
mo ako ng labing dalawang libong lalake, at ako'y
titindig at aking hahabulin si David sa gabing ito: 2 At
ako'y darating sa kaniya samantalang siya'y pagod at may
mahinang kamay, at akin siyang tatakutin: at ang buong
bayan na nasa kaniya ay tatakas; at ang hari lamang ang
aking sasaktan: 3 At aking ibabalik sa iyo ang buong bayan:
ang lalake na iyong inuusig ay parang kung ang lahat ay
nagbabalik: sa gayo'y ang buong bayan ay mapapayapa. 4 At
ang sabi ay nakalugod na mabuti kay Absalom, at sa lahat ng
matanda sa Israel. 5 Nang magkagayo'y sinabi ni Absalom,
Tawagin mo naman ngayon si Husai na Arachita, at atin ding
dinggin ang kaniyang sasabihin. 6 At nang dumating si Husai
kay Absalom, ay sinalita ni Absalom sa kaniya, na sinasabi,
Nagsalita si Achitophel ng ganitong paraan: atin bang
gagawin ang ayon sa kaniyang sabi? Kung hindi, magsalita
ka. 7 At sinabi ni Husai kay Absalom, Ang payo na ibinigay
ni Achitophel ngayon ay hindi mabuti. 8 Sinabi ni Husai
bukod sa rito, Iyong kilala ang iyong Ama at ang kaniyang
mga lalake, na sila'y makapangyarihang lalake at sila'y
nagngingitngit sa kanilang mga pagiisip na gaya ng isang oso
na ninakawan sa parang ng kaniyang mga anak: at ang iyong
ama ay lalaking mangdidigma, at hindi tatahan na kasama
ng bayan. 9 Narito, siya'y nagkukubli ngayon sa isang hukay
o sa ibang dako: at mangyayari, na pagka ang ilan sa kanila
ay nabuwal sa pasimula, sinomang makarinig ay magsasabi,
May patayan sa bayang sumusunod kay Absalom. 10 At
pati ng matapang, na ang puso ay gaya ng puso ng leon,
ay lubos na manglulupaypay: sapagka't kilala ng buong
Israel na ang iyong ama ay makapangyarihang lalake, at sila
na nasa kaniya ay matatapang na lalake. 11 Nguni't aking
ipinapayo na ang buong Israel ay mapisan sa iyo, mula sa
Dan hanggang sa Beer-seba, na gaya ng buhangin na nasa
tabi ng dagat ang dami; at ikaw ay pumaroon sa pagbabaka
ng iyong sariling pagkatao. 12 Sa gayo'y aabutin natin siya
sa ibang dako na kasusumpungan natin sa kaniya, at tayo'y
babagsak sa kaniya na gaya ng hamog na lumalapag sa
lupa: at sa kaniya at sa lahat ng mga lalake na nasa kaniya
ay hindi tayo magiiwan kahit isa. 13 Bukod dito, kung siya'y
umurong sa isang bayan, ang buong Israel ay magdadala
nga ng mga lubid sa bayang yaon, at ating babatakin sa ilog,
hanggang sa walang masumpungan doon kahit isang maliit
na bato. 14 At si Absalom at ang lahat na lalake sa Israel
ay nagsipagsabi, Ang payo ni Husai na Arachita ay lalong
mabuti kay sa payo ni Achitophel. Sapagka't ipinasiya ng
Panginoon na masansala ang mabuting payo ni Achitophel,
upang dalhin ng Panginoon ang kasamaan kay Absalom.
15 Nang magkagayo'y sinabi ni Husai kay Sadoc at kay
Abiathar na mga saserdote. Ganito't ganito ang ipinayo ni
Achitophel kay Absalom at sa mga matanda sa Israel; at
ganito't ganito ang aking ipinayo. 16 Ngayon nga'y magsugo
kang madali, at saysayin kay David, na sabihin, Huwag

kang tumigil ng gabing ito sa mga tawiran sa ilang, kundi sa
anomang paraan ay tumawid ka: baka ang hari ay mapatay
at ang buong bayan na nasa kaniya. **17** Si Jonathan at si
Ahimaas nga ay nagsitigil sa tabi ng Enrogel; at isang alilang
babae ang pinaparoon at pinapagsaysay sa kanila; at sila'y
nagsiparoon, at isinaysay sa haring kay David: sapagka't
sila'y hindi makapakitang pumasok sa bayan. **18** Nguni't
nakita sila ng isang bata, at isinaysay kay Absalom: at sila'y
kapuwa lumabas na nagmadali, at sila'y nagsiparoon sa
bahay ng isang lalake sa Bahurim, na may isang balon
sa kaniyang looban; at sila'y nagsilusong doon. **19** At ang
babae ay kumuha ng isang panakip at inilatag sa bunganga
ng balon, at nilagyan ng mga trigo na giniik; at walang
bagay na naalaman. **20** At ang mga bataan ni Absalom ay
nagsidating sa babae sa bahay; at kanilang sinabi, Saan
nandoon si Ahimaas at si Jonathan? At sinabi ng babae sa
kanila, Sila'y tumawid sa batis ng tubig. At nang kanilang
mahanap at hindi nila masumpungan ay bumalik sila sa
Jerusalem. **21** At nangyari, pagkatapos na sila'y makaalis,
na sila'y nagsilabas sa balon, at nagsiyaon at isinaysay
sa haring kay David: at kanilang sinabi kay David, Kayo'y
magsibangon, at magsitawid na madali sa tubig: sapagka't
ganito ang ipinayo ni Achitophel laban sa inyo. **22** Nang
magkagayo'y nagsibangon si David, at ang buong bayan na
kasama niya, at sila'y tumawid sa Jordan; sa pagbubukang
liwayway ay walang naiwan kahit isa sa kanila na hindi
tumawid sa Jordan. **23** At nang makita ni Achitophel na ang
kaniyang payo ay hindi sinunod, kaniyang siniyahan ang
kaniyang asno, at bumangon, at umuwi siya sa bahay, sa
kaniyang bayan at kaniyang inayos ang kaniyang bahay,
at nagbigti; at siya'y namatay, at nalibing sa libingan ng
kaniyang ama. **24** Nang magkagayon ay naparoon si David
sa Mahanaim. At si Absalom ay tumawid sa Jordan, siya
at ang lahat na lalake ng Israel na kasama niya. **25** At
inilagay ni Absalom si Amasa sa hukbo na kahalili ni Joab.
Si Amasa nga ay anak ng isang lalake na ang pangalan ay
Itra, na Israelita, na sumiping kay Abigal na anak na babae
ni Naas, na kapatid ni Sarvia, na ina ni Joab. **26** At ang
Israel at si Absalom ay nagsihantong sa lupain ng Galaad.
**27** At nangyari, ng si David ay dumating sa Mahanaim, na
si Sobi na anak ni Naas na taga Rabba sa mga anak ni
Ammon, at si Machir na anak ni Ammiel na taga Lodebar, at
si Barzillai na Galaadita na taga Rogelim. **28** Ay nangagdala
ng mga higaan, at mga mangkok, at mga sisidlang lupa, at
trigo, at sebada, at harina, at butil na sinangag, at habas, at
lentehas, at pagkain na sinangag. **29** At pulot pukyutan, at
mantekilya, at mga tupa, at keso ng baka para kay David, at
sa bayan na kasama niya, upang kanin; sapagka't kanilang
sinabi, Ang bayan ay gutom, at pagod, at uhaw sa ilang.

**18** At binilang ni David ang bayan na kasama niya, at
naglagay ng mga puno ng mga libolibo, at puno ng
mga daandaan sa kanila. **2** At pinayaon ni David ang
bayan, ang isang ikatlong bahagi ay nasa kamay ni Joab,
at ang ikatlong bahagi ay nasa kamay ni Abisai na anak
ni Sarvia, na kapatid ni Joab, at ang ikatlong bahagi ay
nasa kamay ni Ittai na Getheo. At sinabi ng hari sa bayan,
Walang pagsalang ako'y lalabas na kasama ninyo. **3** Nguni't
sinabi ng bayan, Huwag kang lalabas: sapagka't kung kami
man ay tumakas, ay hindi nila kami aalumanahin, o kung
ang kalahati man namin ay mamatay, ay hindi nila kami
aalumanahin: nguni't ikaw ay may halagang sangpung libo
sa amin: kaya't ngayo'y lalong maigi na ikaw ay maghanda
na iyong saklolohan kami mula sa bayan. **4** At sinabi ng
hari sa kanila, Kung ano ang inaakala ninyong mabuti ay
aking gagawin. At ang hari ay tumayo sa tabi ng pintuang-
bayan, at ang buong bayan ay lumabas na daan daan at
libolibo. **5** At ang hari ay nagutos kay Joab at kay Abisai,
at kay Ittai, na nagsasabi, Inyong gamitan ng kaawaan,
alangalang sa akin, ang binata, sa makatuwid baga'y si
Absalom. At narinig ng buong bayan nang ipagbilin ng hari
sa lahat ng punong kawal ang tungkol kay Absalom. **6** Sa
gayo'y lumabas ang bayan sa parang laban sa Israel; at
ang pagbabaka ay nasa gubat ng Ephraim. **7** At ang bayan
ng Israel ay nasaktan doon sa harap ng mga lingkod ni
David, at nagkaroon ng malaking patayan doon sa araw na
yaon, na may dalawang pung libong lalake. **8** Sapagka't
doon ang pagbabaka ay nakalat sa ibabaw ng buong lupain:
at ang gubat ay lumamon ng higit na bayan sa araw na
yaon kay sa nilamon ng tabak. **9** At nakasagupa ni Absalom
ang mga lingkod ni David. At si Absalom ay nakasakay
sa kaniyang mula, at ang mula ay nagdaan sa ilalim ng
mayabong na mga sanga ng isang malaking ensina, at ang
kaniyang ulo ay nasabit sa ensina, at siya'y nabitin; at ang
mula na nasa ilalim niya ay nagpatuloy. **10** At nakita siya ng
isang lalake at isinaysay kay Joab, at sinabi, Narito, aking
nakita si Absalom na nakabitin sa isang ensina. **11** At sinabi
ni Joab sa lalaking nagsaysay sa kaniya, At, narito, iyong
nakita, at bakit hindi mo sinaktan doon sa lupa? at nabigyan
sana kita ng sangpung putol na pilak, at isang pamigkis. **12**
At sinabi ng lalake kay Joab, Bagaman ako'y tatanggap ng
isang libong putol na pilak sa aking kamay, gayon ma'y hindi
ko iuunat ang aking kamay laban sa anak ng hari: sapagka't
sa aming pakinig ay ibinilin ng hari sa iyo, at kay Abisai, at
kay Ittai, na sinabi, Ingatan ninyo na huwag galawin ninoman
ang binatang si Absalom. **13** Sa ibang paraan, kung ako'y
gumawa ng paglililo laban sa kaniyang buhay (at walang
bagay na makukubli sa hari, ) ikaw man sa iyong sarili ay
mananayong laban sa akin. **14** Nang magkagayo'y sinabi

ni Joab, Hindi ako makatitigil ng ganito sa iyo. At siya'y
kumuha ng tatlong pana sa kaniyang kamay at pinalagpas
sa puso ni Absalom, samantalang siya'y buhay pa sa gitna
ng ensina. 15 At sangpung bataan na tagadala ng sandata ni
Joab ay kumubkob at sinaktan si Absalom, at pinatay siya.
16 At hinipan ni Joab ang pakakak, at ang bayan ay bumalik
na mula sa paghabol sa Israel: sapagka't pinigil ni Joab ang
bayan. 17 At kanilang kinuha si Absalom at inihagis nila siya
sa malaking hukay sa gubat, at tinabunan siya ng isang
malaking bunton ng bato: at ang buong Israel ay tumakas
bawa't isa sa kaniyang tolda. 18 Si Absalom nga sa kaniyang
kabuhayan ay nagpasiya at nagtayo sa ganang kaniya ng
haligi, na pinaka alaala, na nasa libis ng hari: sapagka't
kaniyang sinasabi, Wala akong anak na magiingat ng alaala
ng aking pangalan: at kaniyang tinawag ang haligi ng ayon
sa kaniyang sariling pangalan: at tinawag na monumento ni
Absalom, hanggang sa araw na ito. 19 Nang magkagayo'y
sinabi ni Ahimaas na anak ni Sadoc, Patakbuhin mo ako
ngayon, at magdala ng balita sa hari, kung paanong iginanti
siya ng Panginoon sa kaniyang kaaway. 20 At sinabi ni Joab
sa kaniya, Hindi ka magiging tagapagdala ng balita sa araw
na ito: kundi magdadala ka ng balita sa ibang araw: nguni't
sa araw na ito ay hindi ka magdadala ng balita, sapagka't
ang anak ng hari ay namatay. 21 Nang magkagayo'y sinabi
ni Joab sa Cusita, Yumaon ka na saysayin mo sa hari kung
ano ang iyong nakita. At ang Cusita ay yumukod kay Joab,
at tumakbo. 22 Nang magkagayo'y nagsabi pa uli si Ahimaas
na anak ni Sadoc kay Joab, Nguni't sa anomang kahinatnan,
isinasamo ko sa iyo, na ako naman ay iyong patakbuhin na
kasunod ng Cusita. At sinabi ni Joab, Bakit tatakbo ka, anak
ko, dangang wala kang mapapala ng dahil sa balita? 23
Nguni't sa anomang kahinatnan, ako'y tatakbo. At sinabi
niya sa kaniya, Tumakbo ka. Nang magkagayo'y tumakbo si
Ahimaas sa daan ng kapatagan, at inunahan ang Cusita. 24
Si David nga ay nakaupo sa pagitan ng dalawang pintuang-
bayan: at ang bantay ay sumampa sa ibabaw ng pintuang-
bayan, sa kuta, at itinanaw ang kaniyang mga mata, at
tumingin, at narito, isang lalake ay tumatakbong nagiisa. 25
At sumigaw ang bantay, at isinaysay sa hari. At sinabi ng
hari, Kung siya'y nagiisa, may balita sa kaniyang bibig. At
siya'y nagpatuloy at lumapit. 26 At ang bantay ay nakakita ng
ibang lalake na tumatakbo at tinawag ng bantay ang tanod-
pinto, at sinabi, Narito, may ibang lalake na tumatakbong
nagiisa. At sinabi ng hari, Siya'y may dala ring balita. 27
At sinabi ng bantay, Inaakala ko na ang takbo ng una ay
gaya ng takbo ni Ahimaas na anak ni Sadoc. At sinabi ng
hari, Siya'y mabuting lalake at napariritong may mabuting
balita. 28 At tumawag si Ahimaas at nagsabi sa hari, Lahat
ay mabuti. At siya'y nagpatirapa sa lupa sa harap ng hari, at
nagsabi, Purihin ang Panginoon mong Dios, na nagbigay
ng mga lalaking nagsipagtaas ng kanilang kamay laban sa
aking panginoon na hari. 29 At sinabi ng hari, Ligtas ba
ang binatang si Absalom? At sumagot si Ahimaas. Nang
suguin ni Joab, ang lingkod ng hari, sa makatuwid baga'y
ako na iyong lingkod, ako'y nakakita ng isang malaking
pagkakagulo, nguni't hindi ko nalalaman kung ano. 30 At
sinabi ng hari, Pumihit ka, at tumayo ka rito. At siya'y pumihit
at tumayo. 31 At, narito, ang Cusita ay dumating; at sinabi
ng Cusita, Balita sa aking panginoon na hari: sapagka't
iginanti ka ng Panginoon sa araw na ito doon sa lahat na
nagsibangon laban sa iyo. 32 At sinabi ng hari sa Cusita,
Ligtas ba ang binatang si Absalom? At sumagot ang Cusita,
Ang mga kaaway ng aking panginoon na hari, at yaong lahat
na nagsibangon laban sa iyo upang gawan ka ng masama
ay maging gaya nawa ng binatang yaon. 33 At ang hari ay
nagulumihanan, at sumampa sa silid na nasa ibabaw ng
pintuang bayan, at umiyak: at habang siya'y yumayaon,
ganito ang sinasabi niya, Oh anak kong Absalom, anak ko,
anak kong Absalom! Mano nawa'y ako ang namatay na
kahalili mo, Oh Absalom, anak ko, anak ko!

19 At nasaysay kay Joab; narito, ang hari ay tumatangis
at namamanglaw dahil kay Absalom. 2 At ang
pagtatagumpay sa araw na yaon ay naging kapanglawan
sa buong bayan: sapagka't narinig ng bayan na sinasabi
sa araw na yaon. Ang hari ay nahahapis dahil sa kaniyang
anak. 3 At ang bayan ay pumasok sa bayan na patago sa
araw na yaon, na gaya ng pagpasok ng bayang napapahiya
pagka tumatakas sa pagbabaka. 4 At tinakpan ng hari ang
kaniyang mukha, at ang hari ay sumigaw ng malakas. Oh
anak kong Absalom, Oh Absalom, anak ko, anak ko! 5 At
pumasok si Joab sa bahay, sa hari, at nagsabi, Iyong hiniya
sa araw na ito ang mga mukha ng lahat na iyong lingkod na
nagligtas sa araw na ito ng iyong buhay, at ng mga buhay
ng iyong mga anak na lalake at babae, at ng mga buhay ng
iyong mga asawa, at ng mga buhay ng iyong mga babae; 6
Sa iyong pagibig sa nangapopoot sa iyo, at pagkapoot sa
nagsisiibig sa iyo. Sapagka't iyong inihayag sa araw na ito,
na ang mga prinsipe at mga lingkod ay walang anoman sa
iyo: sapagka't aking nagugunita sa araw na ito, na kung
si Absalom ay nabuhay, at kaming lahat ay namatay sa
araw na ito, ay disin nakapagpalugod na mabuti sa iyo. 7
Ngayon nga'y bumangon ka, ikaw ay lumabas, at magsalita
na may kagandahang loob sa iyong mga lingkod: sapagka't
aking isinusumpa sa pangalan ng Panginoon, na kung ikaw
ay hindi lalabas, ay walang matitira sa iyong isang tao sa
gabing ito: at yao'y magiging masama sa iyo kay sa lahat
ng kasamaan na sumapit sa iyo mula sa iyong kabataan
hanggang ngayon. 8 Nang magkagayo'y tumindig ang hari,

at naupo sa pintuang-bayan. At kanilang isinaysay sa buong
bayan, na sinasabi, Narito ang hari ay nakaupo sa pintuang-
bayan: at ang buong bayan ay naparoon sa harap ng hari.
Nakatakas nga ang Israel bawa't isa sa kaniyang tolda. **9** At
ang buong bayan ay nagtatalo sa lahat ng mga lipi ng Israel,
na sinasabi, Iniligtas tayo ng hari sa kamay ng ating mga
kaaway; at iniligtas niya tayo sa kamay ng mga Filisteo;
at ngayo'y kaniyang tinakasan si Absalom sa lupain. **10**
At si Absalom na ating pinahiran ng langis, upang maging
hari sa atin ay namatay sa pagbabaka. Ngayon nga'y bakit
hindi kayo nagsasalita ng isang salita sa pagbabalik sa
hari? **11** At nagsugo ang haring si David kay Sadoc at kay
Abiathar na mga saserdote, na sinasabi, Magsipagsalita
kayo sa mga matanda sa Juda, na magsipagsabi, Bakit
kayo ang huli sa pagbabalik sa hari sa kaniyang bahay?
dangang ang pananalita ng buong Israel ay dumating sa
hari, upang ibalik siya sa kaniyang bahay. **12** Kayo'y aking
mga kapatid, kayo'y aking buto at aking laman: bakit nga
kayo ang huli sa pagbabalik sa hari? **13** At sabihin ninyo kay
Amasa, Hindi ka ba aking buto at aking laman? Hatulan ng
Dios ako, at lalo na, kung ikaw ay hindi maging palaging
punong kawal ng mga hukbo sa harap ko na kahalili ni Joab.
**14** At kaniyang ikiniling ang puso ng lahat ng mga lalake
ng Juda na parang puso ng isang tao; na anopa't sila'y
nagsipagsugo sa hari, na nagsisipagsabi, Ikaw ay bumalik,
at ang lahat ng iyong lingkod. **15** Sa gayo'y bumalik ang
hari, at naparoon sa Jordan. At ang Juda ay naparoon sa
Gilgal, upang salubungin ang hari, na itawid ang hari sa
Jordan. **16** At si Semei na anak ni Gera, na Benjamita,
na taga Bahurim, ay nagmadali at lumusong na kasama
ang mga lalake ng Juda upang salubungin ang haring si
David. **17** At may isang libong lalake ng Benjamin na kasama
siya, at si Siba, na alila sa sangbahayan ni Saul, at ang
kaniyang labing limang anak at ang kaniyang dalawang
pung alila na kasama niya; at sila'y nagsitawid sa Jordan sa
harap ng hari. **18** At may tawiran naman upang tawiran ng
sangbahayan ng hari, at gawin ang kaniyang inaakalang
mabuti. At si Semei na anak ni Gera ay nagpatirapa sa
harap ng hari, nang siya'y makatawid sa Jordan. **19** At
sinabi niya sa hari, Huwag paratangan ng kasamaan ako
ng aking panginoon, o alalahanin man ang ginawa na may
kalikuan ng iyong lingkod sa araw na ang aking panginoon
na hari ay lumabas sa Jerusalem, upang isapuso ng hari. **20**
Sapagka't nalalaman ng iyong lingkod na ako'y nagkasala:
kaya't, narito, ako'y naparirito sa araw na ito, na una sa lahat
ng sangbahayan ni Jose upang lumusong na salubungin
ang aking panginoon na hari. **21** Nguni't si Abisai na anak
ni Sarvia ay sumagot, at nagsabi, Hindi ba papatayin si
Semei dahil dito, sapagka't kaniyang isinumpa ang pinahiran
ng langis ng Panginoon? **22** At sinabi ni David, Ano ang
ipakikialam ko sa inyo, mga anak ni Sarvia, na kayo'y
magiging mga kaaway ko sa araw na ito? may sinoman
bang papatayin sa araw na ito sa Israel? sapagka't di ko
ba talastas na ako'y hari sa araw na ito sa Israel? **23** At
sinabi ng hari kay Semei, Ikaw ay hindi mamamatay. At
ang hari ay sumumpa sa kaniya. **24** At si Mephiboseth na
anak ni Saul ay lumusong na sinalubong ang hari; at hindi
man siya naghugas ng kaniyang mga paa, o naggupit man
ng kaniyang balbas, o nilabhan man ang kaniyang mga
suot, mula sa araw na ang hari ay umalis hanggang sa
araw na siya'y umuwi na payapa sa bahay. **25** At nangyari,
nang siya'y dumating sa Jerusalem upang salubungin ang
hari, na sinabi ng hari sa kaniya, Bakit hindi ka yumaong
kasama ko, Mephiboseth? **26** At siya'y sumagot, Panginoon
ko, Oh hari, dinaya ako ng aking lingkod: sapagka't sinabi ng
iyong lingkod, Ako'y maghahanda ng isang asno, upang
aking masakyan, at yumaong kasama ng hari; sapagka't ang
iyong lingkod ay pilay. **27** At kaniyang binintangan ang iyong
lingkod sa aking panginoon na hari; nguni't ang panginoon
kong hari ay gaya ng isang anghel ng Dios: gawin mo nga
kung ano ang mabuti sa iyong mga mata. **28** Sapagka't
ang buong sangbahayan ng aking ama ay mga patay na
lalake lamang sa harap ng panginoon kong hari: gayon ma'y
inilagay mo ang iyong lingkod sa kasamahan ng nagsisikain
sa iyong sariling dulang. Ano pa ngang matuwid mayroon
ako, na aking maisisigaw pa sa hari? **29** At sinabi ng hari
sa kaniya, Bakit nagsasalita ka pa ng iyong mga bagay?
Aking sinabi, Ikaw at si Siba ay maghati sa lupa. **30** At
sinabi ni Mephiboseth sa hari, Oo, ipakuha mo sa kaniya
ang lahat, yamang ang aking panginoon na hari ay dumating
na payapa sa kaniyang sariling bahay. **31** At si Barzillai na
Galaadita ay lumusong mula sa Rogelim; at siya'y tumawid
sa Jordan na kasama ng hari, upang ihatid niya siya sa dako
roon ng Jordan. **32** Si Barzillai nga ay lalaking matanda nang
totoo, na may walong pung taon: at kaniyang ipinaghanda
ang hari ng pagkain samantalang siya'y nasa Mahanaim;
sapagka't siya'y totoong dakilang tao. **33** At sinabi ng hari
kay Barzillai, Tumawid kang kasama ko, at aking pakakanin
ka sa Jerusalem. **34** At sinabi ni Barzillai sa hari, Gaano
na lamang ang mga araw ng mga taon ng aking buhay, na
aahon pa ako sa Jerusalem na kasama ng hari? **35** Ako
sa araw na ito'y may walong pung taon na; makapapansin
pa ba ako ng mabuti at masama? malalasahan pa ba ng
iyong lingkod ang kaniyang kinakain at iniinom? maririnig ko
pa ba ang tinig ng mangaawit na lalake at babae? bakit
pa nga magiging isang pasan ang iyong lingkod sa aking
panginoon na hari? **36** Ang iyong lingkod ay yayaon na
lamang ng kaunti sa dako roon ng Jordan na kasama ng hari:

at bakit gagantihin ng hari ako ng ganyang ganting pala?
**37** Isinasamo ko sa iyo na pabalikin mo ang iyong lingkod,
upang ako'y mamatay sa aking sariling bayan, sa siping
ng libingan ng aking ama at ng aking ina. Nguni't, narito,
ang iyong lingkod na Chimham: bayaan siyang tumawid
na kasama ng aking panginoon na hari; at gawin mo sa
kaniya, kung ano ang mamabutihin mo. **38** At sumagot ang
hari, Si Chimham ay tatawid na kasama ko, at gagawin ko
sa kaniya ang aakalain mong mabuti: at anomang iyong
kailanganin sa akin ay aking gagawin alangalang sa iyo. **39**
At ang buong bayan ay tumawid sa Jordan, at ang hari ay
tumawid: at hinagkan ng hari si Barzillai, at binasbasan siya;
at siya'y bumalik sa kaniyang sariling dako. **40** Sa gayo'y
tumawid sa Gilgal ang hari, at si Chimham ay tumawid
na kasama niya: at itinawid ng buong bayan ng Juda ang
hari, at ng kalahati rin naman ng bayan ng Israel. **41** At,
narito, ang lahat na lalake ng Israel ay nagsiparoon sa hari,
at nagsipagsabi sa hari, Bakit ninakaw ka ng aming mga
kapatid na mga lalake ng Juda, at itinawid ang hari at ang
kaniyang sangbahayan sa Jordan, at ang lahat na lalake ni
David na kasama niya? **42** At ang lahat na lalake ng Juda ay
nagsisagot sa mga lalake ng Israel, Sapagka't ang hari ay
kamaganak na malapit namin: bakit nga kayo mangagagalit
dahil sa bagay na ito? nagsikain ba kami ng anoman sa
gugol ng hari? o binigyan ba niya kami ng anomang kaloob?
**43** At ang mga lalake ng Israel ay nagsisagot sa mga lalake
ng Juda, at nagsipagsabi, Kami ay may sangpung bahagi sa
hari, at kami ay may higit na matuwid kay David kay sa inyo;
bakit nga ninyo niwalan ng kabuluhan kami, na ang aming
payo'y hindi siyang una sa pagbabalik sa aming hari? At ang
mga salita ng mga lalake ng Juda ay lalong mababagsik kay
sa mga salita ng mga lalake ng Israel.

**20** At nagkataon, na may isang lalake, na ang pangala'y
Seba, na anak ni Bichri, na Benjamita: at kaniyang
hinipan ang pakakak, at nagsabi, Kami ay walang bahagi
kay David, o anomang mana sa anak ni Isai: bawa't tao
ay sa kaniyang mga tolda, Oh Israel. **2** Sa gayo'y lahat ng
mga lalake ng Israel ay nagsiahong mula sa pagsunod kay
David, at nagsisunod kay Seba na anak ni Bichri: nguni't
ang mga anak ni Juda ay nagsisanib sa kanilang hari,
mula sa Jordan hanggang sa Jerusalem. **3** At dumating si
David sa kaniyang bahay sa Jerusalem; at kinuha ng hari
ang sangpung babae na kaniyang mga kinakasama, na
siyang mga iniwan niya upang magsipagingat ng bahay,
at mga inilagay sa pagbabantay at mga hinandaan sila ng
pagkain, nguni't hindi sumiping sa kanila. Sa gayo'y nasarhan
sila hanggang sa kaarawan ng kanilang kamatayan, na
nangamuhay sa pagkabao. **4** Nang magkagayo'y sinabi
ng hari kay Amasa, Pisanin mo sa akin ang mga lalake
ng Juda sa loob ng tatlong araw, at humarap ka rito. **5** Sa
gayo'y yumaon si Amasa upang pisanin ang mga lalake
sa Juda: nguni't siya'y nagluwa't kay sa panahong takda
na kaniyang itinakda sa kaniya. **6** At sinabi ni David kay
Abisai, Gagawa nga si Seba na anak ni Bichri ng lalong
masama kay sa ginawa ni Absalom: kunin mo ngayon ang
mga lingkod ng iyong panginoon, at habulin ninyo siya,
baka siya'y makaagap ng mga bayan na nakukutaan, at
makatanan sa ating paningin. **7** At nagsilabas na hinabol
siya ng mga lalake ni Joab, at ang mga Ceretheo at ang
mga Peletheo, at ang lahat na makapangyarihang lalake;
at sila'y nagsilabas sa Jerusalem, upang habulin si Seba
na anak ni Bichri. **8** Nang sila'y na sa malaking bato na
nasa Gabaon, ay sumalubong sa kanila si Amasa. At si
Joab ay nabibigkisan ng kaniyang suot na pangdigma na
kaniyang isinuot, at sa ibabaw niyaon ay ang pamigkis na
may tabak na sukat sa kaniyang mga balakang sa kaniyang
kaloban: at samantalang siya'y lumalabas ay nahulog. **9** At
sinabi ni Joab kay Amasa, Mabuti ba sa iyo, kapatid ko? At
hinawakan ni Joab sa balbas si Amasa ng kaniyang kanang
kamay upang hagkan niya siya. **10** Nguni't si Amasa ay
hindi nagingat sa tabak na nasa kamay ni Joab; sa gayo'y
sinaktan siya sa tiyan, at lumuwa ang kaniyang bituka sa
lupa, at hindi na siya inulit pa; at siya'y namatay. At si Joab
at si Abisai na kaniyang kapatid ay humabol kay Seba na
anak ni Bichri. **11** At tumayo sa siping niyaon ang isa sa mga
bataan ni Joab, at nagsabi, Siyang nagpapabuti kay Joab at
siyang kay David, ay sumunod kay Joab. **12** At si Amasa ay
nagugumon sa kaniyang dugo sa gitna ng lansangan. At
nang makita ng lalake na ang buong bayan ay nakatayong
natitigil, ay kaniyang dinala si Amasa mula sa lansangan
hanggang sa parang, at tinakpan siya ng isang kasuutan,
nang kaniyang makita na bawa't dumating sa siping niya ay
tumitigil. **13** Nang siya'y alisin sa lansangan, ay nagpatuloy
ang buong bayan na nagsisunod kay Joab, upang habulin si
Seba na anak ni Bichri. **14** At siya ay naparoon sa lahat
ng mga lipi ng Israel, sa Abel, at sa Beth-maacha, at ang
lahat na Berita: at sila'y nangagpisan at nagsiyaon namang
kasunod niya. **15** At sila'y nagsidating at kinulong nila siya
sa Abel ng Beth-maacha, at sila'y nagtindig ng isang bunton
laban sa bayan, at tumayo laban sa kuta: at sinasaksak ang
kuta ng buong bayan na kasama ni Joab, upang ibuwal. **16**
Nang magkagayo'y sumigaw ang isang pantas na babae
sa bayan, Dinggin ninyo, dinggin ninyo: Isinasamo ko sa
inyo na inyong sabihin kay Joab, Lumapit ka rito, na ako'y
makapagsalita sa iyo. **17** At siya'y lumapit sa kaniya, at
sinabi ng babae, Ikaw ba'y si Joab? At siya'y sumagot, Ako
nga. Nang magkagayo'y sinabi niya sa kaniya, Dinggin mo
ang mga salita ng iyong lingkod. At siya'y sumagot, Aking

dinidinig. 18 Nang magkagayo'y nagsalita siya, na sinasabi,
Sinasalita noong unang panahon, na sinasabi, Sila'y walang
pagsalang hihingi ng payo sa Abel; at gayon nila tinapos
ang usap. 19 Ako'y doon sa mga tahimik at tapat sa Israel:
ikaw ay nagsisikap na gumiba ng isang bayan at ng isang
bayan at ng isang ina sa Israel: bakit ibig mong lamunin ang
mana ng Panginoon? 20 At si Joab ay sumagot, at nagsabi,
Malayo, malayo nawa sa akin na aking lamunin o gibain.
21 Ang usap ay hindi ganyan: kundi ang isang lalake sa
lupaing maburol ng Ephraim, si Seba na anak ni Bichri ang
pangalan, ay nagtaas ng kaniyang kamay laban sa hari, sa
makatuwid baga'y laban kay David: ibigay mo lamang siya
sa akin, at aking ihihiwalay sa bayan. At sinabi ng babae
kay Joab, Narito, ang kaniyang ulo ay mahahagis sa iyo
sa kuta. 22 Nang magkagayo'y naparoon ang babae sa
buong bayan sa kaniyang karunungan. At kanilang pinugot
ang ulo ni Seba na anak ni Bichri, at inihagis kay Joab.
At kaniyang hinipan ang pakakak at sila'y nangalat mula
sa bayan, bawa't tao ay sa kaniyang tolda. At si Joab ay
bumalik sa Jerusalem sa hari. 23 Si Joab nga ay na sa
buong hukbo ng Israel: at si Benaia na anak ni Joiada ay na
sa mga Ceretheo at sa mga Peletheo: 24 At si Adoram ay
nasa mga magpapabuwis at si Josaphat na anak ni Ahilud
ay kasangguni: 25 At si Seba ay kalihim: at si Sadoc at si
Abiathar ay mga saserdote: 26 At si Ira naman sa Jaireo ay
pangulong tagapangasiwa kay David.

21 At nagkaroon ng kagutom sa mga kaarawan ni David
na taon taon, sa tatlong taon; at hinanap ni David ang
mukha ng Panginoon. At sinabi ng Panginoon, Dahil kay
Saul, at dahil sa kaniyang salaring sangbahayan, sapagka't
kaniyang pinatay ang mga Gabaonita. 2 At tinawag ng hari
ang mga Gabaonita at sinabi sa kanila; (ang mga Gabaonita
nga ay hindi sa mga anak ni Israel, kundi sa nalabi sa
mga Amorrheo; at ang mga anak ni Israel ay nagsisumpa
sa kanila: at pinagsikapan ni Saul na patayin sa kaniyang
sikap dahil sa mga anak ni Israel at Juda: ) 3 At sinabi ni
David sa mga Gabaonita, Ano ang gagawin ko sa inyo? at
ano ang itutubos ko, upang inyong basbasan ang mana
ng Panginoon? 4 At sinabi ng mga Gabaonita sa kaniya,
Hindi kabagayan ng pilak o ginto sa amin at kay Saul, o
sa kaniyang sangbahayan; kahit sa amin ang pumatay ng
sinomang tao sa Israel. At kaniyang sinabi, Ano ang inyong
sasabihin, na aking gagawin sa inyo? 5 At kanilang sinabi
sa hari, Ang lalake na pumupugnaw sa amin, at yaong
nagbabanta laban sa amin, na kami ay malipol sa pagtahan
sa alinman sa mga hangganan ng Israel, 6 Ay ibigay sa
amin ang pito sa kaniyang mga anak, at aming ibibitin sa
Panginoon sa Gabaa ni Saul na pinili ng Panginoon. At
sinabi ng hari, Aking ibibigay sila. 7 Nguni't ang hari ay
nanghinayang kay Mephiboseth na anak ni Jonathan na
anak ni Saul, dahil sa sumpa ng Panginoon na namamagitan
sa kanila, kay David at kay Jonathan na anak ni Saul. 8
Nguni't kinuha ng hari ang dalawang anak ni Rispa, na anak
ni Aja, na kaniyang ipinanganak kay Saul, si Armoni at si
Mephiboseth; at ang limang anak ni Michal na anak na
babae ni Saul na kaniyang ipinanganak kay Adriel na anak ni
Barzillai, na Molathita: 9 At ibinigay niya sila sa mga kamay
ng mga Gabaonita at mga ibinitin nila sa bundok sa harap
ng Panginoon, at nangabuwal ang pito na magkakasama. At
sila'y pinatay sa mga kaarawan ng pagaani, sa mga unang
araw, sa pasimula ng pagaani ng sebada. 10 At kumuha si
Rispa na anak ni Aja ng isang magaspang na kayong damit,
at inilatag niya sa ibabaw ng bato, mula sa pasimula ng
pagaani hanggang sa ang tubig ay nabuhos sa mga yaon
na mula sa langit; at hindi niya tiniis sa araw na dapuan
yaon ng mga ibon sa himpapawid, o lapitan man sa gabi
ng mga hayop sa parang. 11 At nasaysay kay David ang
ginawa ni Rispa na anak ni Aja, na babae ni Saul. 12 At
yumaon at kinuha ni David ang mga buto ni Saul at ang
mga buto ni Jonathan na kaniyang anak sa mga lalake
ng Jabes-galaad, na siyang nagsipagnakaw ng mga yaon
sa daan ng Beth-san, na doon sila ibinitin ng mga Filisteo
nang araw na patayin ng mga Filisteo si Saul sa Gilboa:
13 At kaniyang iniahon mula roon ang mga buto ni Saul at
ang mga buto ni Jonathan na kaniyang anak; at kanilang
pinisan ang mga buto ng mga ibinitin. 14 At kanilang ibinaon
ang mga buto ni Saul at ni Jonathan na kaniyang anak sa
lupain ng Benjamin sa Sela sa libingan ni Cis na kaniyang
ama: at kanilang tinupad yaong lahat na iniutos ng hari. At
pagkatapos ang Dios ay nadalanginan dahil sa lupain. 15 At
ang mga Filisteo ay nagkaroon ng pakikidigma uli sa Israel;
at si David ay lumusong, at ang kaniyang mga lingkod na
kasama niya, at nangakipagbaka laban sa mga Filisteo. At si
David ay napagod. 16 At si Isbi-benob, na sa mga anak
ng higante; na ang bigat ng sibat niya ay tatlong daang
siklong tanso, na palibhasa'y nabibigkisan ng bagong tabak
ay nagmunukalang patayin si David. 17 Nguni't sinaklolohan
siya ni Abisai na anak ni Sarvia, at sinaktan ang Filisteo, at
pinatay niya. Nang magkagayo'y nagsisumpa sa kaniya ang
mga lalake ni David, na nangagsasabi, Hindi ka na lalabas
pa na kasama namin sa pakikipagbaka, upang huwag mong
patayin ang tanglaw ng Israel. 18 At nangyari, pagkatapos
nito, na nagkaroon uli ng pakikidigma sa mga Filisteo sa
Gob; nang magkagayo'y sinaktan ni Sibechai na Husathita si
Saph, na sa mga anak ng higante. 19 At nagkaroon uli ng
pakikidigma sa mga Filisteo sa Gob; at pinatay ni Elhanan na
anak ni Jaare-oregim, na Bethlehemita, si Goliath na Getheo,
na ang puluhan ng kaniyang sibat ay gaya ng panghabi

ng manghahabi. **20** At nagkaroon uli ng pakikipagbaka sa
Gath, na doo'y may isang lalaking lubhang mataas, na
mayroon sa bawa't kamay na anim na daliri, at sa bawa't
paa'y anim na daliri, na dalawang pu't apat sa bilang: at
siya ay ipinanganak din sa higante. **21** At nang kaniyang
hamunin ang Israel, ay pinatay siya ni Jonathan na anak ni
Sima na kapatid ni David. **22** Ang apat na ito ay ipinanganak
sa higante sa Gath; nangabuwal sa pamamagitan ng kamay
ni David, at ng kamay ng kaniyang mga lingkod.

**22** At sinalita ni David ang mga salita ng awit na ito
sa Panginoon nang araw na iligtas ng Panginoon
siya sa kamay ng lahat ng kaniyang mga kaaway, at sa
kamay ni Saul. **2** At kaniyang sinabi, Ang Panginoo'y aking
malaking bato at aking katibayan, at tagapagligtas sa akin, sa
makatuwid baga'y akin; **3** Ang Dios, ang aking malaking bato,
na sa kaniya ako'y manganganlong: Aking kalasag, at siyang
sungay ng aking kaligtasan, aking matayog na moog at
ampunan sa akin; Tagapagligtas sa akin, ikaw ang nagliligtas
sa akin sa karahasan. **4** Ako'y tatawag sa Panginoon na
karapatdapat purihin: Sa ganya'y maliligtas ako sa aking
mga kaaway. **5** Sapagka't ang mga alon ng kamatayan ay
kumulong sa akin; Ang mga baha ng kalikuan ay tumakot sa
akin. **6** Ang mga panali ng Sheol ay lumibid sa akin: Ang mga
silo ng kamatayan ay nagsisapit sa akin. **(Sheol h7585)** **7** Sa
aking pagkahapis ay tumawag ako sa Panginoon; Oo, ako'y
tumawag sa aking Dios: At kaniyang dininig ang aking tinig
mula sa kaniyang templo, At ang aking daing ay sumapit sa
kaniyang mga pakinig. **8** Nang magkagayo'y umuga ang lupa
at nayanig. Ang mga pinagtitibayan ng langit ay nangakilos.
At nangauga, sapagka't siya'y nagalit. **9** Umilanglang ang
usok mula sa kaniyang mga butas ng ilong, At apoy na mula
sa kaniyang bibig ay nanupok: Mga baga ay nagalab sa
pamamagitan niyaon. **10** Kaniyang pinayukod din naman ang
langit at bumaba: At salimuot na kadiliman ay nasa ilalim ng
kaniyang mga paa. **11** At siya'y sumakay sa isang querubin
at lumipad: Oo, siya'y nakita sa mga pakpak ng hangin. **12**
At ang kadiliman ay kaniyang ginawang mga kulandong sa
palibot niya. Na nagpisan ng tubig, ng masisinsing alapaap
sa langit. **13** Sa kaningningan sa harap niya Mga bagang
apoy ay nagsipagalab. **14** Ang Panginoo'y kumulog sa
langit, At ang Kataastaasan ay nagbigkas ng tinig niya. **15**
At nagpahilagpos ng mga palaso, at pinangalat niya sila;
Kumidlat, at nangatulig sila. **16** Nang magkagayo'y ang mga
kalaliman sa dagat ay nangalitaw, Ang mga pinagtibayan ng
sanglibutan ay nangakita. Dahil sa saway ng Panginoon, Sa
hihip ng hinga ng kaniyang mga butas ng ilong. **17** Siya'y
nagsugo mula sa itaas, kaniyang kinuha ako; kaniyang
kinuha ako sa maraming tubig; **18** Kaniyang iniligtas ako
sa aking malakas na kaaway, Sa nangagtatanim sa akin;
sapagka't sila'y totoong malakas kay sa akin. **19** Sila'y
nagsidating sa akin sa kaarawan ng sakuna ko: Nguni't ang
Panginoon ay siyang alalay sa akin. **20** Kaniyang dinala din
ako sa maluwang na dako: Kaniyang iniligtas ako, sapagka't
kaniyang kinalugdan ako. **21** Ginanti ako ng Panginoon ayon
sa aking katuwiran: Ayon sa kalinisan ng aking mga kamay
ay kaniyang ginanti ako. **22** Sapagka't aking iningatan ang
mga daan ng Panginoon, At hindi ako humiwalay na may
kasamaan sa aking Dios. **23** Sapagka't ang lahat niyang
kahatulan ay nasa harap ko: At tungkol sa kaniyang mga
palatuntunan ay hindi ko hiniwalayan. **24** Ako rin nama'y
sakdal sa harap niya, At iningatan ko ang aking sarili mula sa
kasamaan. **25** Kaya't ginanti ng Panginoon ako ayon sa aking
katuwiran; Ayon sa aking kalinisan sa kaniyang paningin.
**26** Sa maawain ay magpapakamaawain ka; Sa sakdal ay
magpapakasakdal ka; **27** Sa dalisay ay magpapakadalisay
ka; At sa mga walang payo ay magwawalang payo ka. **28**
At ang nagdadalamhating bayan ay iyong ililigtas: Nguni't
ang iyong mga mata ay nasa mga mapagmataas, upang
iyong papagpakumbabain. **29** Sapagka't ikaw ang aking
ilawan, Oh Panginoon: At liliwanagan ng Panginoon ang
aking kadiliman. **30** Sapagka't sa pamamagitan mo ay aking
tatakbuhin ang pulutong: Sa pamamagitan ng aking Dios ay
aking luluksuhin ang kuta. **31** Tungkol sa Dios, ang kaniyang
lakad ay sakdal; Ang salita ng Panginoon ay subok; Siya'y
kalasag sa lahat ng sa kaniya'y kumakanlong. **32** Sapagka't
sino ang Dios, liban sa Panginoon? At sino ang malaking
bato liban sa ating Dios? **33** Ang Dios ay aking matibay na
katibayan: At pinapatnubayan niya ang sakdal sa kaniyang
lakad. **34** Kaniyang ginagawa ang mga paa niya na gaya
ng sa mga usa; At inilalagay niya ako sa aking matataas
na dako. **35** Kaniyang tinuturuan ang aking mga kamay ng
pakikidigma. Na anopa't binabaluktok ng aking mga kamay
ang busog na tanso. **36** Binigyan mo rin ako ng kalasag
mong pangligtas: At pinadakila ako ng iyong kaamuan. **37**
Iyong pinalaki ang aking mga hakbang sa tinutungtungan ko,
At ang aking mga paa ay hindi nadulas. **38** Aking hinabol
ang aking mga kaaway at akin silang pinapagpapatay; Ni
hindi ako bumalik uli hanggang sa sila'y nalipol. **39** At aking
pinaglilipol, at aking pinagsasaktan sila, na anopa't sila'y
hindi nangakabangon: Oo, sila'y nangabuwal sa paanan
ko. **40** Sapagka't ako'y binigkisan mo ng kalakasan sa
pagbabaka: Iyong pinasuko sa akin yaong nagsisibangon
laban sa akin. **41** Iyo ring pinatalikod sa akin ang aking mga
kaaway, Upang aking mangaihiwalay ang nangagtatanim
sa akin. **42** Sila'y nagsitingin, nguni't walang mangagligtas:
Sa Panginoon, nguni't hindi niya sinagot sila. **43** Nang
magkagayo'y pinagbabayo ko sila na gaya ng alabok sa
lupa; Aking pinagyurakan sila na gaya ng putik sa mga

lansangan, at akin silang pinapangalat. 44 Iniligtas mo rin
ako sa mga pakikipagtalo sa aking bayan: Iningatan mo ako
na maging pangulo sa mga bansa; Ang bayan na hindi ko
nakilala ay maglilingkod sa akin. 45 Ang mga taga ibang
lupa ay magsisisuko sa akin. Pagkarinig nila tungkol sa akin,
sila'y magsisitalima sa akin. 46 Ang mga taga ibang lupa
ay manganglulupaypay, At magsisilabas na nangangininginig
sa kanilang mga kublihan. 47 Ang Panginoon ay buhay; at
purihin nawa ang aking malaking bato; At itanghal nawa
ang Dios na malaking bato ng aking kaligtasan, 48 Sa
makatuwid baga'y ang Dios na ipinanghihiganti ako. At
pinangangayupapa sa akin ang mga bayan, 49 At inilalabas
ako sa aking mga kaaway: Oo, iyong pinapangingibabaw
ako sa kanila na nagsisibangon laban sa akin: Inililigtas mo
ako sa marahas na lalake. 50 Kaya't pasasalamat ako sa
iyo, Oh Panginoon, sa gitna ng mga bansa, At aawit ako ng
mga pagpuri sa iyong pangalan. 51 Dakilang pagliligtas ang
ibinibigay niya sa kaniyang hari: At nagmamagandang loob
sa kaniyang pinahiran ng langis, Kay David at sa kaniyang
binhi magpakailan man.

**23** Ito nga ang mga huling salita ni David. Sinabi ni David
na anak ni Isai, At sinabi ng lalake na pinapangibabaw,
Na pinahiran ng langis ng Dios ni Jacob, At kalugodlugod
na mangaawit sa Israel: 2 Ang Espiritu ng Panginoon ay
nagsalita sa pamamagitan ko, At ang kaniyang salita ay
suma aking dila. 3 Sinabi ng Dios ng Israel, Ang malaking
bato ng Israel ay nagsalita sa akin: Ang naghahari sa mga
tao na may katuwiran, Na mamamahala sa katakutan sa
Dios, 4 Siya'y magiging gaya ng liwanag sa kinaumagahan
pagka ang araw ay sumisikat, Sa isang umagang walang
mga alapaap; Pagka ang malambot na damo ay sumisibol
sa lupa, Sa maliwanag na sikat pagkatapos ng ulan. 5
Katotohanang ang aking sangbahayan ay hindi gayon
sa Dios; Gayon ma'y nakipagtipan siya sa akin ng isang
tipang walang hanggan, Maayos sa lahat ng mga bagay,
at maasahan: Sapagka't siyang aking buong kaligtasan,
at buong nasa. Bagaman hindi niya pinatubo. 6 Nguni't
ang mga di banal ay ipaghahagis na gaya ng mga tinik,
Sapagka't hindi nila matatangnan ng kamay: 7 Kundi ang
lalake na humipo sa kanila, Marapat magsakbat ng bakal
at ng puluhan ng sibat; At sila'y lubos na susunugin ng
apoy sa kanilang kinaroroonan. 8 Ito ang mga pangalan
ng mga makapangyarihang lalake na nasa kay David: Si
Josebbasebet na Tachemonita, na pinuno ng mga kapitan;
na siya ring si Adino na Eznita, na siyang dumaluhong
laban sa walong daan na nangapatay ng paminsan. 9 At
pagkatapos niya'y si Eleazar, na anak ni Dodo, na anak
ng isang Ahohita, na isa sa tatlong malalakas na lalake
na kasama ni David, nang sila'y mangakipagaway sa mga
Filisteo, na nangapipisan doon upang makipagbaka, at ang
mga lalake ng Israel ay nagsialis: 10 Siya'y bumangon, at
sinaktan ang mga Filisteo hanggang sa ang kaniyang kamay
ay nangalay, at ang kaniyang kamay ay nadikit sa tabak:
at ang Panginoo'y gumawa ng dakilang pagtatagumpay
sa araw na yaon: at ang bayan ay bumalik na kasunod
niya, upang manamsam lamang. 11 At pagkatapos niya'y si
Samma na anak ni Age, na Araita. At ang mga Filisteo ay
nagpipisan sa isang pulutong, na kinaroroonan ng isang putol
na lupa sa puno ng lentehas; at tinakasan ng bayan ang mga
Filisteo. 12 Nguni't siya'y tumayo sa gitna ng putol na yaon,
at ipinagsanggalang niya, at pinatay ang mga Filisteo: at
ang Panginoo'y gumawa ng dakilang pagtatagumpay. 13 At
tatlo sa tatlong pung pinuno ay nagsilusong at nagsiparoon
kay David sa pagaani sa yungib ng Adullam; at ang pulutong
ng mga Filisteo ay nagsihantong sa libis ng Rephaim. 14
At si David nga'y nasa katibayan, at ang pulutong nga ng
mga Filisteo ay nasa Bethlehem. 15 At nagnais si David, at
nagsabi, Oh may magbigay sana sa akin ng tubig sa balon
ng Bethlehem, na nasa tabi ng pintuang-bayan! 16 At ang
tatlong malalakas na lalake ay nagsisagasa sa hukbo ng
mga Filisteo, at nagsiigib ng tubig sa balon ng Bethlehem,
na nasa siping ng pintuang bayan, at kinuha, at dinala
kay David: nguni't hindi niya ininom yaon, kundi kaniyang
ibinuhos na handog sa Panginoon. 17 At kaniyang sinabi,
Malayo sa akin, Oh Panginoon, na aking gawin ito: iinumin
ko ba ang dugo ng mga lalake na nagsiparoon na ipinain ang
kanilang buhay? kaya't hindi niya ininom. Ang mga bagay na
ito ay ginawa ng tatlong malalakas na lalake. 18 At si Abisai,
na kapatid ni Joab, na anak ni Sarvia, ay pinuno ng tatlo. At
kaniyang itinaas ang kaniyang sibat laban sa tatlong daan at
pinatay niya sila, at nagkapangalan sa tatlo. 19 Hindi ba siya
ang lalong marangal sa tatlo? kaya't siya'y ginawang punong
kawal nila: gayon ma'y hindi siya umabot sa unang tatlo. 20
At si Benaia, na anak ni Joiada, na anak ng matapang na
lalake na taga Cabseel, na gumawa ng makapangyarihang
gawa, na kaniyang pinatay ang dalawang anak ni Ariel na
taga Moab; siya'y lumusong din at pumatay ng isang leon sa
gitna ng isang hukay sa kapanahunan ng niebe. 21 At siya'y
pumatay ng isang taga Egipto na malakas na lalake: at ang
taga Egipto ay may sibat sa kaniyang kamay; nguni't siya'y
nilusong niyang may tungkod, at inagaw niya ang sibat sa
kamay ng taga Egipto, at pinatay niya siya ng kaniyang
sariling sibat. 22 Ang mga bagay na ito ay ginawa ni Benaias,
na anak ni Joiada, at nagkapangalan sa tatlong malalakas
na lalake. 23 Siya'y marangal kay sa tatlongpu, nguni't sa
unang tatlo'y hindi siya umabot. At inilagay ni David siya
sa kaniyang bantay. 24 At si Asael na kapatid ni Joab ay
isa sa tatlongpu; si Elhaanan na anak ni Dodo, na taga

Bethlehem, 25 Si Samma na Harodita, si Elica na Harodita,
26 Si Heles na Paltita, si Hira na anak ni Jecces na Tecoita.
27 Si Abiezer na Anathothita, si Mebunai na Husatita, 28 Si
Selmo na Hahohita, si Maharai na Netophathita, 29 Si Helec
na anak ni Baana, na Netophathita, si Ithai na anak ni Ribai,
na taga Gabaa, sa mga anak ng Benjamin. 30 Si Benaia na
Pirathonita, si Hiddai sa mga batis ng Gaas, 31 Si Abi-albon
na Arbathita, si Azmaveth na Barhumita, 32 Si Eliahba na
Saalbonita, ang mga anak ni Jassen, si Jonathan, 33 Si
Samma na Ararita, si Ahiam na anak ni Sarar, na Ararita,
34 Si Elipheleth na anak ni Asbai, na anak ni Maachateo,
si Eliam na anak ni Achitophel na Gelonita, 35 Si Hesrai
na Carmelita, si Pharai na Arbita; 36 Si Igheal na anak ni
Nathan na taga Soba, si Bani na Gadita, 37 Si Selec na
Ammonita, si Naharai na Beerothita, na mga tagadala ng
sandata ni Joab na anak ni Sarvia; 38 Si Ira na Ithrita, si
Gareb na Ithrita, 39 Si Uria na Hetheo: silang lahat ay tatlong
pu't pito.

**24** At ang galit ng Panginoon ay nagalab uli laban sa
Israel, at kaniyang kinilos si David laban sa kanila,
na sinabi, Ikaw ay yumaon, iyong bilangin ang Israel at
Juda. 2 At sinabi ng hari kay Joab na puno ng hukbo, na
kasama niya, Magparoo't parito ka nga sa lahat ng mga lipi
ng Israel, mula sa Dan hanggang sa Beer-seba, at bilangin
ninyo ang bayan, upang aking maalaman ang kabuoan ng
bayan. 3 At sinabi ni Joab sa hari, Ngayo'y dagdagan ng
Panginoon mong Dios ang bayan, sa gaano man karami
sila, ng makaisang daan pa; at makita ng mga mata ng aking
panginoon na hari: nguni't bakit nalulugod ang panginoon ko
na hari sa bagay na ito? 4 Gayon ma'y ang salita ng hari ay
nanaig laban kay Joab, at laban sa mga puno ng hukbo.
At si Joab at ang mga puno ng hukbo ay nagsilabas mula
sa harapan ng hari upang bilangin ang bayan ng Israel. 5
At sila'y nagsitawid ng Jordan, at nagsihantong sa Aroer
sa dakong kanan ng bayan na nasa gitna ng libis ng Gad,
at sa Jazer: 6 Saka sila nagsiparoon sa Galaad, at sa
lupain ng Tatimhodsi; at sila'y nagsidating sa Dan-jaan at sa
palibot hanggang sa Sidon. 7 At nagsiparoon sa katibayan
ng Tiro, at sa lahat ng mga bayan ng mga Heveo, at ng
mga Cananeo; at sila'y nagsilabas sa timugan ng Juda, sa
Beer-seba. 8 Sa gayon nang sila'y makapagparoo't parito
na, sa buong lupain, ay nagsiparoon sila sa Jerusalem sa
katapusan ng siyam na buwan at dalawang pung araw. 9 At
ibinigay ni Joab sa hari ang bilang ng pagkabilang sa bayan;
at mayroon sa Israel na walong daang libo na matapang na
lalake na nagsisihawak ng tabak; at ang mga tao sa Juda
ay limang daang libong lalake. 10 At ang puso ni David
ay sinaktan niya pagkatapos na kaniyang nabilang ang
bayan. At sinabi ni David sa Panginoon, Ako'y nagkasala
ng malaki sa aking nagawa: nguni't ngayo'y isinasamo ko
sa iyo na iyong pawiin ang kasamaan ng iyong lingkod;
sapagka't aking ginawa ng buong kamangmangan. 11 At
nang bumangon si David sa kinaumagahan, ang salita ng
Panginoon ay dumating sa propeta Gad na tagakita ni David,
na sinasabi, 12 Ikaw ay yumaon at salitain mo kay David,
Ganito ang sabi ng Panginoon, Pinagpapalagayan kita ng
tatlong bagay; pumili ka ng isa sa mga yaon upang aking
magawa sa iyo. 13 Sa gayo'y naparoon si Gad kay David,
at nagsaysay sa kaniya: at nagsabi sa kaniya, Darating
ba sa iyo ang pitong taon na kagutom sa iyong lupain?
o tatakas ka bang tatlong buwan sa harap ng iyong mga
kaaway samantalang hinahabol ka nila? o magkakaroon
ba ng tatlong araw na pagkasalot sa iyong lupain? ngayo'y
muniin mo, at dilidilihin mo kung anong kasagutan ang
aking ibabalik doon sa nagsugo sa akin. 14 At sinabi ni
David kay Gad, Ako'y nasa totoong kagipitan: mahulog tayo
ngayon sa kamay ng Panginoon; sapagka't ang kaniyang
mga kaawaan ay dakila: at huwag akong mahulog sa kamay
ng tao. 15 Sa gayo'y nagsugo ang Panginoon ng salot
sa Israel mula sa umaga hanggang sa takdang panahon:
at namatay sa bayan mula sa Dan hanggang sa Beer-
seba ay pitong pung libong lalake. 16 At nang iunat ng
anghel ang kaniyang kamay sa dakong Jerusalem upang
gibain ay nagsisi ang Panginoon sa kasamaan, at sinabi
sa anghel na lumipol ng bayan, Siya na; ngayo'y itigil mo
ang iyong kamay. At ang anghel ng Panginoon ay nasa
giikan ni Arauna na Jebuseo. 17 At nagsalita si David sa
Panginoon, nang kaniyang makita ang anghel na sumakit sa
bayan, at nagsabi, Narito, ako'y nagkasala, at ako'y gumawa
ng kalikuan; nguni't ang mga tupang ito, ano ang ginawa?
isinasamo ko sa iyo na ang iyong kamay ay maging laban
sa akin, at laban sa sangbahayan ng aking ama. 18 At si
Gad ay naparoon sa araw na yaon kay David, at nagsabi sa
kaniya, Ikaw ay yumaon, magtayo ka ng isang dambana sa
Panginoon sa giikan ni Arauna na Jebuseo. 19 At si David
ay umahon ayon sa sinabi ni Gad, kung paanong iniutos ng
Panginoon. 20 At tumanaw si Arauna, at nakita ang hari,
at ang kaniyang mga lingkod na nagsisilapit sa kaniya; at
si Arauna ay lumabas at nagpatirapa sa harap ng hari. 21
At sinabi ni Arauna: Bakit ang aking panginoon na hari ay
naparito sa kaniyang lingkod? At sinabi ni David, Upang
bilhin ang giikan sa iyo, na mapagtayuan ng isang dambana
sa Panginoon, upang ang salot ay magtigil sa bayan. 22
At sinabi ni Arauna kay David, Kunin ng aking panginoon
na hari, at ihandog kung ano ang inaakala niyang mabuti:
narito, ang mga baka na panghandog na susunugin, at ang
mga kagamitan sa giikan at ang mga pamatok ng mga baka
na pang kahoy: 23 Ang lahat na ito, Oh hari, ibinibigay ni

Arauna sa hari. At sinabi ni Arauna sa hari, Tanggapin ka
nawa ng Panginoon mong Dios. **24** At sinabi ng hari kay
Arauna, Huwag; kundi katotohanang bibilhin ko sa iyo sa
halaga: hindi nga ako maghahandog ng mga handog na
susunugin sa Panginoon kong Dios na hindi nagkahalaga sa
akin ng anoman. Sa gayo'y binili ni David ang giikan at ang
mga baka ng limang pung siklong pilak. **25** At nagtayo roon
si David ng isang dambana sa Panginoon, at naghandog ng
mga handog na susunugin at ng mga handog tungkol sa
kapayapaan. Sa gayo'y nadalanginan ang Panginoon dahil
sa lupain, at ang salot ay tumigil sa Israel.

# 1 Mga Hari

**1** Si David na hari nga ay matanda at totoong magulang
na; at kanilang tinakpan siya ng mga kumot, nguni't
siya'y hindi naiinitan. **2** Kaya't sinabi ng mga lingkod niya
sa kaniya, Ihanap ang aking panginoon na hari ng isang
dalaga: at patayuin siya sa harap ng hari, at libangin niya
siya; at mahiga siya sa iyong sinapupunan, upang ang aking
panginoon na hari ay mainitan. **3** Sa gayo'y inihanap nila siya
ng isang magandang dalaga sa lahat ng mga hangganan ng
Israel, at nasumpungan si Abisag na Sunamita, at dinala
sa hari. **4** At ang dalaga ay totoong maganda: at kaniyang
nilibang ang hari at nagaalaga sa kaniya; nguni't hindi siya
ginalaw ng hari. **5** Nang magkagayo'y nagmataas si Adonia
na anak ni Haggith, na nagsabi, Ako'y magiging hari: at
siya'y naghanda ng mga karo at mga mangangabayo, at
limang pung lalaking mananakbo sa unahan niya. **6** At
hindi siya kinasamaan ng loob ng kaniyang ama kailan
man, na nagsabi, Bakit ka gumawa ng ganyan? at siya'y
totoong makisig na lalake rin naman; at siya'y ipinanganak
na kasunod ni Absalom. **7** At siya'y nakipagsalitaan kay
Joab na anak ni Sarvia, at sa saserdoteng kay Abiathar: at
pagsunod nila kay Adonia ay nagsitulong sa kaniya. **8** Nguni't
si Sadoc na saserdote, at si Benaia na anak ni Joiada, at
si Nathan na propeta, at si Semei, at si Reihi, at ang mga
makapangyarihang lalake na nauukol kay David, ay hindi
kasama ni Adonia. **9** At nagpatay si Adonia ng mga tupa, at
mga baka at ng mga pinataba sa siping ng bato ng Zoheleth,
na nasa tabi ng Enrogel: at kaniyang tinawag ang lahat
niyang kapatid na mga anak ng hari, at ang lahat na lalake
sa Juda na mga lingkod ng hari. **10** Nguni't si Nathan na
propeta, at si Benaia, at ang mga makapangyarihang lalake,
at si Salomon na kaniyang kapatid ay hindi niya tinawag. **11**
Nang magkagayo'y nagsalita si Nathan kay Bath-sheba na
ina ni Salomon, na nagsasabi, Hindi mo ba nabalitaan na
naghahari si Adonia na anak ni Haggith, at hindi nalalaman
ni David na ating panginoon? **12** Ngayon nga'y parito ka,
isinasamo ko sa iyo, na bigyang payo kita, upang iyong
mailigtas ang iyong sariling buhay, at ang buhay ng iyong
anak na si Salomon. **13** Ikaw ay yumaon, at pasukin mo ang
haring si David, at sabihin mo sa kaniya, Di ba, panginoon
ko, isinumpa mo sa iyong lingkod, na iyong sinasabi, Tunay
na si Salomon na iyong anak ay maghahari pagkamatay
ko, at siya'y uupo sa aking luklukan? bakit nga maghahari
si Adonia? **14** Narito, samantalang nagsasalita ka pa roon
sa hari, ay papasok naman ako na kasunod mo, at aking
patototohanan ang iyong mga salita. **15** At pinasok ni Bath-
sheba ang hari sa silid; at ang hari ay totoong matanda na;
at si Abisag na Sunamita ay siyang nagaalaga sa hari. **16** At
si Bath-sheba ay yumukod at nagbigay galang sa hari. At
sinabi ng hari, Anong ibig mo? **17** At sinabi niya sa kaniya,
Panginoon ko, isinumpa mo ang Panginoon mong Dios sa
iyong lingkod, na sinasabi, Tunay na si Salomon na iyong
anak ay maghahari pagkamatay ko, at siya'y uupo sa aking
luklukan. **18** At ngayo'y narito, si Adonia ay naghahari; at
ikaw, panginoon ko na hari, ay hindi mo nalalaman; **19**
At siya'y pumatay ng mga baka, at mga pinataba, at tupa
na sagana, at tinawag ang lahat na anak ng hari, at si
Abiathar na saserdote, at si Joab na puno ng hukbo: nguni't
si Salomon na iyong lingkod ay hindi niya tinawag. **20** At
ikaw, panginoon ko na hari, ang mga mata ng buong Israel
ay nasa iyo, upang iyong saysayin sa kanila kung sino ang
uupo sa luklukan ng aking panginoon na hari pagkamatay
niya. **21** Sa ibang paraa'y mangyayari, na pagka ang aking
panginoon na hari ay natutulog na kasama ng kaniyang
mga magulang, na ako at ang aking anak na si Salomon ay
mabibilang sa mga may sala. **22** At, narito, samantalang
siya'y nakikipagsalitaan pa sa hari, ay pumasok si Nathan
na propeta. **23** At kaniyang isinaysay sa hari, na sinasabi,
Narito, si Nathan na propeta. At nang siya'y dumating sa
harap ng hari, siya'y yumukod ng kaniyang mukha sa lupa
sa harap ng hari. **24** At sinabi ni Nathan, Panginoon ko, Oh
hari, iyo bang sinabi, Si Adonia ay maghahari pagkamatay
ko, at siya'y uupo sa aking luklukan? **25** Sapagka't siya'y
lumusong nang araw na ito, at nagpatay ng mga baka, at
mga pinataba, at mga tupa na sagana, at tinawag ang lahat
na anak ng hari, at ang mga puno ng hukbo, at si Abiathar
na saserdote; at, narito, sila'y nagkakainan at nagiinuman
sa harap niya at nagsisipagsabi, Mabuhay ang haring si
Adonia. **26** Nguni't ako, akong iyong lingkod, at si Sadoc
na saserdote, at si Benaia na anak ni Joiada, at ang iyong
lingkod na si Salomon, hindi niya tinawag. **27** Ang bagay na
ito baga ay ginawa ng aking panginoon na hari, at hindi
mo ipinakilala sa iyong mga lingkod kung sino ang uupo sa
luklukan ng aking panginoon na hari pagkamatay niya? **28**
Nang magkagayo'y sumagot ang haring si David, at nagsabi,
Tawagin ninyo sa akin si Bath-sheba. At siya'y pumasok sa
harap ng hari, at tumayo sa harap ng hari. **29** At sumumpa
ang hari, at nagsabi, Buhay ang Panginoon, na tumubos ng
aking kaluluwa sa lahat ng karalitaan, **30** Katotohanang kung
paanong sumumpa ako sa iyo sa pangalan ng Panginoon,
na Dios ng Israel, na sinasabi, Tunay na si Salomon na
iyong anak ay maghahari pagkamatay ko, at siya'y uupo sa
aking luklukan na kahalili ko; katotohanang gayon ang aking
gagawin sa araw na ito. **31** Nang magkagayo'y iniyukod
ni Bath-sheba ang kaniyang mukha sa lupa, at nagbigay
galang sa hari, at nagsabi, Mabuhay ang aking panginoon
na haring si David magpakailan man. **32** At sinabi ng haring

si David, Tawagin ninyo sa akin si Sadoc na saserdote, at si
Nathan na propeta, at si Benaia na anak ni Joiada. At sila'y
pumasok sa harap ng hari. **33** At sinabi ng hari sa kanila,
Ipagsama ninyo ang mga lingkod ng inyong panginoon, at
pasakayin ninyo ang aking anak na si Salomon sa aking
sariling mula, at ilusong ninyo siya sa Gihon. **34** At pahiran
siya ng langis doon ni Sadoc na saserdote at ni Nathan na
propeta na maging hari sa Israel: at kayo'y magsihihip ng
pakakak, at magsipagsabi, Mabuhay ang haring si Salomon.
**35** Kung magkagayo'y magsisiahon kayong kasunod niya, at
siya'y paririto, at uupo sa aking luklukan: sapagka't siya'y
magiging hari, na kahalili ko: at inihalal ko siyang maging
prinsipe sa Israel at sa Juda. **36** At si Benaia na anak ni
Joiada ay sumagot sa hari, at nagsabi, Siya nawa: ang
Panginoon, ang Dios ng aking panginoon na hari ay magsabi
nawa ng ganyan din. **37** Kung paanong ang Panginoon ay
sumaaking panginoon na hari ay gayon suma kay Salomon
at gawin nawa ang kaniyang luklukang lalong dakila kay
sa luklukan ng aking panginoong haring si David. **38** Sa
gayo'y si Sadoc na saserdote at si Nathan na propeta,
at si Benaia na anak ni Joiada, at ang mga Ceretheo, at
ang mga Peletheo ay nagsibaba, at pinasakay si Salomon
sa mula ng haring si David, at dinala sa Gihon. **39** At
kinuha ni Sadoc na saserdote ang sisidlang sungay ng
langis mula sa Tolda, at pinahiran ng langis si Salomon. At
sila'y humihip ng pakakak; at ang buong bayan ay nagsabi,
Mabuhay ang haring si Salomon. **40** At ang buong bayan
ay nagsiahong kasunod niya, at ang bayan ay humihip
ng mga plauta, at nangagalak ng malaking pagkagalak,
anopa't ang lupa ay umalingawngaw sa hugong nila. **41**
At narinig ni Adonia at ng buong inanyayahan na nasa
kaniya pagkatapos nilang makakain. At nang marinig ni Joab
ang tunog ng pakakak, ay kaniyang sinabi, Anong dahil
nitong hugong sa bayan na kaingay? **42** Samantalang siya'y
nagsasalita pa, narito, si Jonathan na anak ni Abiathar na
saserdote ay dumating at si Adonia ay nagsabi, Pumasok ka;
sapagka't ikaw ay karapatdapat na tao, at nagdadala ka ng
mabubuting balita. **43** At si Jonathan ay sumagot, at nagsabi
kay Adonia, Katotohanang ginawang hari si Salomon ng
ating panginoong haring si David: **44** At sinugo ng hari na
kasama niya si Sadoc na saserdote, at si Nathan na propeta,
at si Benaia na anak ni Joiada, at ang mga Ceretheo at ang
mga Peletheo at pinasakay nila siya sa mula ng hari: **45**
At siya'y pinapaging hari na pinahiran ng langis ni Sadoc
na saserdote at ni Nathan na propeta sa Gihon: at sila'y
nagsiahong galak mula roon, na anopa't ang bayan ay
umalingawngaw uli. Ito ang hugong na iyong narinig. **46** At si
Salomon naman ay nauupo sa luklukan ng kaharian. **47**
At bukod dito'y ang mga lingkod ng hari ay nagsiparoon
upang purihin ang ating panginoong haring si David, na
nagsisipagsabi, Gawin nawa ng iyong Dios ang pangalan ni
Salomon na lalong maigi kay sa iyong pangalan, at gawin
ang kaniyang luklukan na lalong dakila kay sa iyong luklukan;
at ang hari ay yumukod sa kaniyang higaan. **48** At ganito
pa ang sinabi ng hari, Purihin ang Panginoon, ang Dios ng
Israel, na siyang nagbigay sa akin ng isa na makakaupo sa
aking luklukan sa araw na ito, na nakita ng aking mga mata.
**49** At ang lahat na inanyayahan ni Adonia ay nangatakot at
nagsitindig, at yumaon bawa't isa sa kaniyang lakad. **50** At
natakot si Adonia dahil kay Salomon: at siya'y tumindig at
yumaon, at pumigil sa mga anyong sungay ng dambana. **51**
At nasaysay kay Salomon na sinasabi, Narito, si Adonia
ay natatakot sa haring Salomon: sapagka't, narito, siya'y
pumigil sa mga anyong sungay ng dambana, na nagsasabi,
Isumpa ng haring Salomon sa akin sa araw na ito, na hindi
niya papatayin ng tabak ang kaniyang lingkod. **52** At sinabi
ni Salomon, Kung siya'y pakikilalang karapatdapat na tao,
ay walang malalaglag na isang buhok sa kaniya sa lupa;
nguni't kung kasamaan ang masumpungan sa kaniya siya'y
mamamatay. **53** Sa gayo'y nagsugo ang haring Salomon, at
kanilang ibinaba siya mula sa dambana. At siya'y naparoon
at nagbigay galang sa haring Salomon; at sinabi ni Salomon
sa kaniya, Umuwi ka sa iyong bahay.

**2** Ang mga araw nga ni David na ikamamatay ay nalalapit;
at kaniyang ibinilin kay Salomon na kaniyang anak,
na sinasabi, **2** Ako'y yumayaon ng lakad ng buong lupa;
ikaw ay magpakalakas nga at magpakalalake; **3** At iyong
ingatan ang bilin ng Panginoon mong Dios, na lumakad
sa kaniyang mga daan, na ingatan ang kaniyang mga
palatuntunan, ang kaniyang mga utos, at ang kaniyang
mga kahatulan, at ang kaniyang mga patotoo, ayon sa
nasusulat sa kautusan ni Moises, upang ikaw ay guminhawa
sa lahat ng iyong ginagawa, at saan ka man pumihit: **4**
Upang papagtibayin ng Panginoon ang kaniyang salita na
kaniyang sinalita tungkol sa akin, na sinasabi, Kung ang
iyong mga anak ay magsisipagingat sa kanilang lakad, na
lalakad sa harap ko sa katotohanan ng kanilang buong puso
at ng kanilang buong kaluluwa, hindi ka kukulangin (sabi
niya) ng lalake sa luklukan ng Israel. **5** Bukod dito'y talastas
mo naman ang ginawa ni Joab na anak ni Sarvia sa akin,
sa makatuwid baga'y ang ginawa niya sa dalawang puno
ng mga hukbo ng Israel, kay Abner na anak ni Ner, at kay
Amasa na anak ni Jether na kaniyang pinatay, at ibinubo sa
kapayapaan ang dugo ng pakikidigma at nabubo ang dugo
ng pakikidigma sa kaniyang bigkis na nasa kaniyang mga
balakang, at sa loob ng kaniyang mga pangyapak na nasa
kaniyang mga paa. **6** Gumawa ka nga ng ayon sa iyong
karunungan, at huwag mong tulutang ang kaniyang uban sa

ulo ay bumabang payapa sa Sheol. **(Sheol h7585)** **7** Nguni't
pagpakitaan mo ng kagandahang loob ang mga anak ni
Barzillai na Galaadita, at maging kabilang sa nagsisikain sa
iyong dulang; sapagka't gayon sila nagsilapit sa akin nang
ako'y tumakas kay Absalom na iyong kapatid. **8** At, narito,
nasa iyo si Semei na anak ni Gera na Benjamita, na taga
Bahurim, na siyang sumumpa sa akin ng mahigpit na sumpa
nang araw na ako'y pumaroon sa Mahanaim: nguni't nilusong
niyang sinalubong ako sa Jordan, at isinumpa ko sa kaniya
ang Panginoon, na sinasabi, Hindi kita papatayin ng tabak.
**9** Ngayon nga'y huwag mong ariing walang sala, sapagka't
ikaw ay lalaking pantas: at iyong maaalaman ang dapat
gawin sa kaniya, at iyong ilusong na may dugo ang kaniyang
uban sa ulo sa Sheol. **(Sheol h7585)** **10** At si David ay natulog
na kasama ng kaniyang mga magulang, at nalibing sa bayan
ni David. **11** At ang mga araw na ipinaghari ni David sa Israel
ay apat na pung taon: pitong taong naghari siya sa Hebron,
at tatlong pu't tatlong taong naghari siya sa Jerusalem. **12** At
si Salomon ay naupo sa luklukan ni David na kaniyang ama:
at ang kaniyang kaharian ay natatag na mainam. **13** Nang
magkagayo'y si Adonia na anak ni Hagith ay naparoon kay
Bath-sheba na ina ni Salomon. At kaniyang sinabi, Naparirito
ka bang payapa? At sinabi niya, Payapa. **14** Kaniyang sinabi
bukod dito: Mayroon pa akong sasabihin sa iyo. At sinabi
niya, Sabihin mo. **15** At kaniyang sinabi, Talastas mo na
ang kaharian ay naging akin, at itinitig ng buong Israel
ang kanilang mukha sa akin, upang ako'y maghari: gayon
ma'y ang kaharian ay nagbago, at napasa aking kapatid:
sapagka't kaniya sa ganang Panginoon. **16** At ngayo'y hihingi
ako ng isang hiling sa iyo, huwag mo akong pahindian. At
sinabi niya sa kaniya, Sabihin mo. **17** At kaniyang sinabi,
Isinasamo ko sa iyo na iyong salitain kay Salomon na hari,
(sapagka't hindi siya pahihindi sa iyo, ) na ibigay niyang
asawa sa akin si Abisag na Sunamita. **18** At sinabi ni Bath-
sheba, Mabuti; aking ipakikiusap ka sa hari. **19** Si Bath-
sheba nga'y naparoon sa haring Salomon, upang ipakiusap
sa kaniya si Adonia. At tumindig ang hari na sinalubong siya,
at yumukod siya sa kaniya, at umupo sa kaniyang luklukan,
at nagpalagay ng luklukan para sa ina ng hari; at siya'y
naupo sa kaniyang kanan. **20** Nang magkagayo'y sinabi
niya, Ako'y humihingi ng isang munting hiling sa iyo: huwag
mo akong pahindian. At sinabi ng hari sa kaniya, Hilingin mo,
ina ko: sapagka't hindi kita pahihindian. **21** At sinabi niya,
Ibigay mong asawa si Abisag na Sunamita sa iyong kapatid
na kay Adonia. **22** At ang haring Salomon ay sumagot, at
nagsabi sa kaniyang ina, At bakit mo hinihiling si Abisag na
Sunamita para kay Adonia? hilingin mo para sa kaniya pati
ng kaharian; sapagka't siya'y aking matandang kapatid; oo,
para sa kaniya, at kay Abiathar na saserdote, at kay Joab na
anak ni Sarvia. **23** Nang magkagayo'y isinumpa ng haring
Salomon ang Panginoon, na sinasabi, Hatulan ako ng Dios,
at lalo na kung si Adonia ay hindi nagsalita ng salitang ito
laban sa kaniyang sariling buhay. **24** Ngayon nga'y buhay
ang Panginoon, na nagtatag sa akin, at naglagay sa akin
sa luklukan ni David na aking ama, at siyang gumawa sa
akin ng isang bahay, gaya ng kaniyang ipinangako, tunay
na si Adonia ay papatayin sa araw na ito. **25** At nagsugo
ang haring Salomon sa pamamagitan ng kamay ni Benaia
na anak ni Joiada; at siyang dumaluhong sa kaniya, na
anopa't siya'y namatay. **26** At kay Abiathar na saserdote ay
sinabi ng hari, Umuwi ka sa Anathoth, sa iyong sariling mga
bukid; sapagka't ikaw ay karapatdapat sa kamatayan: nguni't
sa panahong ito'y hindi kita papatayin, sapagka't iyong
dinala ang kaban ng Panginoong Dios sa harap ni David
na aking ama, at sapagka't ikaw ay napighati sa lahat ng
kinapighatian ng aking ama. **27** Sa gayo'y inalis ni Salomon si
Abiathar sa pagkasaserdote sa Panginoon upang kaniyang
tuparin ang salita ng Panginoon, na kaniyang sinalita tungkol
sa sangbahayan ni Eli, sa Silo. **28** At ang mga balita ay
dumating kay Joab: sapagka't si Joab ay umanib kay Adonia,
bagaman hindi siya umanib kay Absalom. At si Joab ay
tumakas na napatungo sa Tolda ng Panginoon, at pumigil
sa mga anyong sungay ng dambana. **29** At nasaysay sa
haring Salomon, Si Joab ay tumakas na napatungo sa Tolda
ng Panginoon, at, narito, siya'y nasa siping ng dambana.
Nang magkagayo'y sinugo niya si Benaia na anak ni Joiada,
na sinasabi, Ikaw ay yumaon, daluhungin mo siya. **30** At si
Benaia ay naparoon sa Tolda ng Panginoon, at nagsabi sa
kaniya, Ganito ang sabi ng hari, Lumabas ka. At kaniyang
sinabi, Hindi; kundi ako'y mamamatay rito, At dinala ni
Benaia sa hari ang salita uli, na sinasabi, Ganito ang sinabi
ni Joab, at ganito ang isinagot sa akin. **31** At sinabi ng hari
sa kaniya, Gawin kung paano ang sinabi niya, at daluhungin
mo siya, at ilibing mo siya; upang iyong maalis ang dugo
na ibinubo ni Joab ng walang kadahilanan sa akin at sa
sangbahayan ng aking ama. **32** At ibabalik ng Panginoon
ang kaniyang dugo sa kaniyang sariling ulo, sapagka't siya'y
dumaluhong sa dalawang lalake, na lalong matuwid, at maigi
kay sa kaniya, at mga pinatay ng tabak, at hindi nalalaman
ng aking amang si David, sa makatuwid baga'y si Abner na
anak ni Ner, na puno ng hukbo ng Israel, at si Amasa na
anak ni Jether, na puno ng hukbo ng Juda. **33** Sa gayo'y ang
kanilang dugo ay mababalik sa ulo ni Joab, at sa ulo ng
kaniyang binhi magpakailan man: nguni't kay David, at sa
kaniyang binhi, at sa kaniyang sangbahayan, sa kaniyang
luklukan ay magkakaroon ng kapayapaan magpakailan man
na mula sa Panginoon. **34** Nang magkagayo'y sinampa ni
Benaia na anak ni Joiada, at dinaluhong siya, at pinatay siya;

at siya'y inilibing sa kaniyang sariling bahay sa ilang. 35 At
inilagay ng hari si Benaia na anak ni Joiada na kahalili niya
sa hukbo: at si Sadoc na saserdote ay inilagay ng hari na
kahalili ni Abiathar. 36 At ang hari ay nagsugo at ipinatawag
si Semei, at sinabi sa kaniya, Magtayo ka ng isang bahay sa
Jerusalem, at tumahan ka roon, at huwag kang pumaroon
saan man na mula roon. 37 Sapagka't sa araw na ikaw ay
lumabas, at tumawid sa batis ng Cedron, talastasin mong
mainam, na ikaw ay walang pagsalang mamamatay: ang
iyong dugo ay sasa iyong sariling ulo. 38 At sinabi ni Semei
sa hari, Ang sabi ay mabuti: kung paanong sinabi ng aking
panginoong hari, gayon gagawin ng iyong lingkod. At si
Semei ay tumahan sa Jerusalem na malaon. 39 At nangyari,
sa katapusan ng tatlong taon, na dalawa sa mga alipin ni
Semei ay tumanan na pumaroon kay Achis, na anak ni
Maacha, hari sa Gath. At kanilang sinaysay kay Semei,
na sinasabi, Narito, ang iyong mga alipin ay nasa Gath.
40 At tumindig si Semei, at siniyahan ang kaniyang asno,
at napasa Gath kay Achis, upang hanapin ang kaniyang
mga alipin: at si Semei ay yumaon at dinala ang kaniyang
mga alipin mula sa Gath. 41 At nasaysay kay Salomon
na si Semei ay naparoon sa Gath mula sa Jerusalem,
at bumalik uli. 42 At ang hari ay nagsugo at ipinatawag
si Semei, at nagsabi sa kaniya, Di ba ipinasumpa ko sa
iyo ang Panginoon, at ipinatalastas kong totoo sa iyo, na
aking sinasabi, Talastasin mong tunay na sa araw na ikaw
ay lumabas, at yumaon saan man, ay walang pagsalang
mamamatay ka? at iyong sinabi sa akin. Ang sabi na aking
narinig ay mabuti. 43 Bakit nga hindi mo iningatan ang
sumpa sa Panginoon, at ang utos na aking ibinilin sa iyo?
44 Sinabi pa ng hari kay Semei, Iyong talastas ang buong
kasamaan na nalalaman ng iyong puso, na iyong ginawa kay
David na aking ama: kaya't ibabalik ng Panginoon ang iyong
kasamaan sa iyong sariling ulo. 45 Nguni't ang haring si
Salomon ay magiging mapalad, at ang luklukan ni David ay
magiging matatag sa harap ng Panginoon magpakailan man.
46 Sa gayo'y inutusan ng hari si Benaia na anak ni Joiada; at
siya'y lumabas, at dumaluhong sa kaniya, na anopa't siya'y
namatay. At ang kaharian ay matatag sa kamay ni Salomon,

**3** At si Salomon ay nakipagkamaganak kay Faraon na
hari sa Egipto sa pag-aasawa niya sa anak na babae
ni Faraon, at dinala niya sa bayan ni David, hanggang
sa kaniyang natapos itayo ang kaniyang sariling bahay,
at ang bahay ng Panginoon, at ang kuta ng Jerusalem
sa palibot. 2 Ang bayan ay naghahain lamang sa mga
mataas na dako, sapagka't walang bahay na itinayo sa
pangalan ng Panginoon hanggang sa mga araw na yaon. 3
At inibig ni Salomon ang Panginoon, na lumalakad sa mga
palatuntunan ni David na kaniyang ama: siya'y naghahain
lamang at nagsusunog ng kamangyan sa matataas na
dako. 4 At ang hari ay naparoon sa Gabaon upang maghain
doon; sapagka't yaon ang pinakamataas na dako; isang
libong handog na susunugin ang inihandog ni Salomon sa
dambanang yaon. 5 Sa Gabaon ay napakita ang Panginoon
kay Salomon sa panaginip sa gabi: at sinabi ng Dios, Hingin
mo kung ano ang ibibigay ko sa iyo. 6 At sinabi ni Salomon,
Ikaw ay nagpakita sa iyong lingkod na aking amang kay
David ng malaking kagandahang loob, ayon sa kaniyang
inilakad sa harap mo sa katotohanan, at sa katuwiran, at sa
katapatan ng puso sa iyo; at iyong iningatan sa kaniya itong
dakilang kagandahang loob, na iyong binigyan siya ng isang
anak na makauupo sa kaniyang luklukan, gaya sa araw na
ito. 7 At ngayon, Oh Panginoon kong Dios, iyong ginawang
hari ang iyong lingkod na kahalili ni David na aking ama; at
ako'y isang munting bata lamang; hindi ko nalalaman ang
paglulumabas at pumasok. 8 At ang iyong lingkod ay nasa
gitna ng iyong bayan na iyong pinili, isang malaking bayan
na hindi mabibilang o matuturingan dahil sa karamihan. 9
Bigyan mo nga ang iyong lingkod ng isang matalinong puso
upang humatol sa iyong bayan, upang aking makilala ang
mabuti at ang masama; sapagka't sino ang makahahatol
dito sa iyong malaking bayan? 10 At ang pangungusap ay
nakalugod sa Panginoon, na hiningi ni Salomon ang bagay
na ito. 11 At sinabi ng Dios sa kaniya, Sapagka't iyong hiningi
ang bagay na ito, at hindi mo hiningi sa iyo ang mahabang
buhay; o hiningi mo man sa iyo ang mga kayamanan, o
hiningi mo man ang buhay ng iyong mga kaaway; kundi
hiningi mo sa iyo'y katalinuhan upang kumilala ng kahatulan;
12 Narito, aking ginawa ayon sa iyong salita: narito, aking
binigyan ka ng isang pantas at matalinong puso; na anopa't
walang naging gaya mo na una sa iyo, o may babangon
mang sinoman pagkamatay mo. 13 At akin namang ibinigay
sa iyo ang hindi mo hinihingi, ang kayamanan at gayon din
ang karangalan, na anopa't walang magiging gaya mo sa
mga hari, sa lahat ng iyong mga kaarawan. 14 At kung ikaw
ay lalakad sa aking mga daan, upang ingatan ang aking mga
palatuntunan, at ang aking mga utos, gaya ng inilakad ng
iyong amang si David, ay akin ngang palalaunin ang iyong
mga kaarawan. 15 At nagising si Salomon, at narito, yao'y
isang panaginip: at siya'y naparoon sa Jerusalem, at tumayo
sa harap ng kaban ng tipan ng Panginoon, at naghandog ng
mga handog na susunugin, at naghandog ng mga handog
tungkol sa kapayapaan, at gumawa ng kasayahan sa lahat
ng kaniyang mga lingkod. 16 Nang magkagayo'y naparoon
sa hari ang dalawang babae na mga patutot, at nagsitayo sa
harap niya. 17 At sinabi ng isang babae, Oh panginoon ko,
ako at ang babaing ito ay tumatahan sa isang bahay; at ako'y
nanganak ng isang batang lalake sa bahay na kasama ko

siya. 18 At nangyari, nang ikatlong araw pagkatapos na ako'y
makapanganak, na ang babaing ito'y nanganak naman; at
kami ay magkasama; walang iba sa amin sa bahay, liban sa
kaming dalawa sa bahay. 19 At ang anak ng babaing ito ay
namatay sa kinagabihan; sapagka't kaniyang nahigan. 20 At
siya'y bumangon sa hating gabi, at kinuha niya ang anak
kong lalake sa siping ko, samantalang ang iyong lingkod
ay natutulog, at inihiga niya sa kaniyang sinapupunan, at
inilagay ang kaniyang patay na anak sa aking sinapupunan.
21 At nang ako'y bumangon sa kinaumagahan upang aking
pasusuhin ang aking anak, narito, siya'y patay: nguni't nang
aking kilalanin ng kinaumagahan, narito, hindi ang aking
anak na aking ipinanganak. 22 At sinabi ng isang babae,
Hindi; kundi ang buhay ay aking anak at ang patay ay
iyong anak. At sinabi ng isa: Hindi; kundi ang patay ay ang
iyong anak, at ang buhay ay siyang aking anak. Ganito sila
nangagsalita sa harap ng hari. 23 Nang magkagayo'y sinabi
ng hari, Ang isa'y nagsasabi, Ang aking anak ay ang buhay,
at ang iyong anak ay ang patay: at ang isa'y nagsasabi,
Hindi; kundi ang iyong anak ay ang patay, at ang aking anak
ay ang buhay. 24 At sinabi ng hari, Dalhan ninyo ako ng
isang tabak. At sila'y nagdala ng isang tabak sa harap ng
hari. 25 At sinabi ng hari, Hatiin ng dalawa ang buhay na
bata, at ibigay ang kalahati sa isa at ang kalahati ay sa isa.
26 Nang magkagayo'y nagsalita ang babae na ina ng buhay
na bata sa hari, sapagka't ang kaniyang pagmamahal ay
nagniningas sa kaniyang anak, at sinabi niya, Oh panginoon
ko, ibigay mo sa kaniya ang buhay na bata, at sa anomang
paraa'y huwag mong patayin. Nguni't ang sabi ng isa, Hindi
magiging akin ni iyo man; hatiin siya. 27 Nang magkagayo'y
sumagot ang hari at nagsabi, ibigay sa kaniya ang buhay
na bata, at sa anomang paraa'y huwag patayin: siya ang
ina niya. 28 At nabalitaan ng buong Israel ang kahatulan
na inihatol ng hari; at sila'y nangatakot sa hari: sapagka't
kanilang nakita na ang karunungan ng Dios ay nasa kaniya,
upang gumawa ng kahatulan.

4 At ang haring Salomon, ay hari sa buong Israel. 2 At ito
ang mga naging prinsipe na napasa kaniya: si Azarias,
na anak ng saserdoteng si Sadoc. 3 Si Elioreph at si Ahia,
na mga anak ni Sisa, ay mga kalihim; si Josaphat na anak ni
Ahilud, ay kasangguni; 4 At si Benaia, na anak ni Joiada ay
nangungulo sa hukbo; at si Sadoc at si Abiathar ay mga
saserdote; 5 At si Azarias na anak ni Nathan ay nangungulo
sa mga pinuno; at si Zabud na anak ni Nathan ay pangulong
tagapangasiwa, na kaibigan ng hari; 6 At si Ahisar ay
katiwala sa kaniyang bahay; at si Adoniram na anak ni Abda
ay nasa mga magpapabuwis. 7 At si Salomon ay may labing
dalawang katiwala sa buong Israel, na sila ang nag-iimbak
ng pagkain ukol sa hari, at sa kaniyang sangbahayan: bawa't
isa sa kanila'y nag-iimbak ng pagkain na isang buwan sa
bawa't taon. 8 At ito ang kanilang mga pangalan: si Ben-hur
sa lupaing maburol ng Ephraim: 9 Si Ben-dacer, sa Maccas,
at sa Saalbim, at sa Beth-semes, at sa Elonbeth-hanan: 10
Si Ben-hesed, sa Aruboth (sa kaniya'y nauukol ang Socho,
at ang buong lupain ng Ephet: ) 11 Si Ben-abinadab sa
buong kataasan ng Dor (na ang asawa'y si Taphat na anak
ni Salomon: ) 12 Si Baana na anak ni Ahilud sa Taanach,
at sa Megiddo, at sa buong Beth-san na nasa siping ng
Zaretan, sa ibaba ng Jezreel, mula sa Bethsan hanggang sa
Abel-mehola, na may layong hanggang sa dako roon ng
Jocmeam: 13 Si Ben-geber, sa Ramoth-galaad; (sa kaniya
nauukol ang mga bayan ni Jair na anak ni Manases, na
nasa Galaad; sa makatuwid baga'y sa kaniya nauukol ang
lupain ng Argob, na nasa Basan, anim na pung malaking
bayan na may mga kuta at mga halang na tanso: ) 14 Si
Ahinadab, anak ni Iddo sa Mahanaim: 15 Si Ahimaas, sa
Nephtali; (Ito rin ang nagasawa kay Basemath na anak na
babae ni Salomon.) 16 Si Baana, na anak ni Husai sa Aser
at sa Alot. 17 Si Josaphat, na anak ni Pharua sa Issachar:
18 Si Semei, na anak ni Ela sa Benjamin: 19 Si Geber, na
anak ni Uri sa lupain ng Galaad, na lupain ni Sehon na
hari ng mga Amorrheo, at ni Og na hari sa Basan; at siya
lamang ang katiwala sa lupaing yaon. 20 Ang Juda at ang
Israel ay marami, na gaya ng buhangin sa tabi ng dagat sa
karamihan, na nagkakainan, at nagiinuman, at nagkakatuwa.
21 At si Salomon ay nagpupuno sa lahat ng kaharian na mula
sa Ilog hanggang sa lupain ng mga Filisteo, at hanggang sa
hangganan ng Egipto: sila'y nagsipagdala ng mga kaloob,
at nagsipaglingkod kay Salomon lahat ng kaarawan ng
kaniyang buhay. 22 At ang pagkain ni Salomon sa isang
araw ay tatlong pung takal ng mainam na harina, at anim
na pung takal na harina, 23 Sangpung matabang baka, at
dalawang pung baka na mula sa pastulan, at isang daang
tupa, bukod pa ang mga usang lalake at babae, at mga
usang masungay, at mga pinatabang hayop na may pakpak.
24 Sapagka't sakop niya ang buong lupain ng dakong ito ng
Ilog, mula sa Tiphsa hanggang sa Gaza, sa lahat ng mga
hari sa dakong ito ng Ilog: at siya'y may kapayapaan sa lahat
ng mga dako sa palibot niya. 25 At ang Juda at ang Israel ay
nagsitahang tiwasay, na bawa't tao'y sa ilalim ng kaniyang
puno ng ubas at sa ilalim ng kaniyang puno ng igos, mula
sa Dan hanggang sa Beer-seba, sa lahat ng kaarawan
ni Salomon. 26 At mayroon si Salomong apat na pung
libong kabayo sa kaniyang mga silungan para sa kaniyang
mga karo, at labing dalawang libong mangangabayo. 27
At ipinag-imbak ng mga katiwalang yaon ng pagkain ang
haring Salomon, at ang lahat na naparoon sa dulang ng
haring Salomon, bawa't isa'y sa kaniyang buwan: walang

nagkulang na anoman. 28 Sebada naman at dayami sa mga
kabayo, at sa mga matuling kabayo ay nagsipagdala sila sa
dakong kinaroroonan ng mga pinuno, bawa't isa'y ayon sa
kaniyang katungkulan. 29 At binigyan ng Dios si Salomon ng
karunungan, at di kawasang katalinuhan at kaluwagan ng
puso, gaya ng buhanging nasa tabi ng dagat. 30 At ang
karunungan ni Salomon ay mahigit kay sa karunungan ng
lahat na anak ng silanganan, at kay sa buong karunungan
ng Egipto. 31 Sapagka't lalong pantas kay sa lahat ng
mga tao; kay sa kay Ethan na Ezrahita, at kay Eman, at
kay Calchol, at kay Darda, na mga anak ni Mahol: at ang
kaniyang kabantugan ay lumipana sa lahat ng mga bansa
sa palibot. 32 At siya'y nagsalita ng tatlong libong kawikaan;
at ang kaniyang mga awit ay isang libo at lima. 33 At siya'y
nagsalita ng tungkol sa mga punong kahoy, mula sa sedro
na nasa Libano hanggang sa isopo na sumisibol sa pader:
siya'y nagsalita rin ng tungkol sa mga hayop, at sa mga
ibon, at sa nagsisiusad at sa mga isda. 34 At naparoon
ang mga taong mula sa lahat na bayan, upang marinig ang
karunungan ni Salomon na mula sa lahat na hari sa lupa, na
nakabalita ng kaniyang karunungan.

**5** At si Hiram na hari sa Tiro ay nagsugo ng kaniyang
mga lingkod kay Salomon; dahil sa kaniyang nabalitaan
na siya'y kanilang pinahiran ng langis na maging hari na
kahalili ng kaniyang ama, sapagka't si Hiram ay naging
laging maibigin kay David. 2 At si Salomon ay nagsugo
kay Hiram, na kaniyang sinasabi, 3 Talastas mo na kung
paanong si David na aking ama ay hindi nakapagtayo ng
bahay sa pangalan ng Panginoon niyang Dios dahil sa mga
pagdidigmaan sa palibot niya sa bawa't dako, hanggang
sa inilagay sila ng Panginoon sa ilalim ng mga talampakan
ng kaniyang mga paa. 4 Nguni't ngayo'y binigyan ako ng
Panginoon kong Dios ng katiwasayan sa bawa't dako; wala
kahit kaaway, o masamang pangyayari man. 5 At, narito,
ako'y tumalagang ipagtayo ng bahay ang pangalan ng
Panginoon kong Dios, gaya ng sinalita ng Panginoon kay
David na aking ama, na nagsasabi, Ang iyong anak na aking
iuupo sa iyong luklukan na kahalili mo, siya ang magtatayo
ng bahay para sa aking pangalan. 6 Ngayon nga'y ipagutos
mo na iputol nila ako ng mga puno ng sedro sa Libano;
at ang aking mga bataan ay makakasama ng iyong mga
bataan: at aking bibigyan ka ng kaupahan sa iyong mga
bataan ayon sa lahat na iyong sasabihin: sapagka't iyong
talastas na wala sinoman sa amin na makapagdadaras ng
mga kahoy ng gaya ng mga Sidonio. 7 At nangyari nang
mabalitaan ni Hiram ang mga salita ni Salomon, na siya'y
nagalak na mainam, at nagsabi, Purihin ang Panginoon sa
araw na ito, na nagbigay kay David ng isang pantas na
anak, sa malaking bayang ito. 8 At si Hiram ay nagsugo kay
Salomon, na nagsasabi, Aking narinig ang pasugo na iyong
ipinasugo sa akin: aking gagawin ang iyong buong nasa
tungkol sa kahoy na sedro, at tungkol sa kahoy na abeto. 9
Ang aking mga bataan ay magsisipagbaba mula sa Libano
hanggang sa dagat: at aking gagawing mga balsa upang
dumaan sa dagat hanggang sa dakong iyong pagtuturuan sa
akin, at aking ipakakalag doon, at iyong tatanggapin: at iyong
tutuparin ang aking nasa, sa pagbibigay ng pagkain sa aking
sangbahayan. 10 Sa gayo'y binigyan ni Hiram si Salomon ng
kahoy na sedro, at kahoy na abeto ayon sa kaniyang buong
nasa. 11 At binigyan ni Salomon si Hiram ng dalawang
pung libong takal na trigo na pinaka pagkain ng kaniyang
sangbahayan, at dalawang pung takal na taganas na langis;
ganito binigyan ni Salomon si Hiram sa taon-taon. 12 At
binigyan ng Panginoon si Salomon ng karunungan, gaya ng
kaniyang ipinangako sa kaniya; at may kapayapaan si Hiram
at si Salomon; at silang dalawa'y gumawa ng kasunduan. 13
At ang haring Salomon ay humingi ng mga mang-aatag sa
buong Israel; at ang mga mang-aatag ay tatlong pung libong
lalake. 14 At kaniyang sinusugo sila sa Libano na sangpu-
sangpung libo bawa't buwan na halinhinan: isang buwan ay
nasa Libano, at dalawang buwan ay sa bahay: at si Adoniram
ay tagapamahala sa mga mang-aatag. 15 At si Salomon ay
may pitong pung libong nagsisipagdala ng mga pasan at
walong pung libong mangdadaras sa bundukin: 16 Bukod pa
ang mga kapatas ni Salomon na nasa gawain, na tatlong libo
at tatlong daan, na nagpupuno sa mga taong nagsisigawa
ng gawain. 17 At ang hari ay nagutos, at nagsitibag sila ng
malalaking bato, ng mga mahahalagang bato, upang ilagay
ang tatagang-baon ng bahay na gumagamit ng mga batong
tabas. 18 At tinabas ng mga tagapagtayo ni Salomon, at ng
mga tagapagtayo ni Hiram at ng mga Gebalita, at inihanda
ang mga kahoy, at ang mga bato upang itayo ang bahay.

**6** At nangyari nang ikaapat na raan at walong pung taon
pagkatapos na ang mga anak ni Israel ay nangakalabas
sa lupain ng Egipto, nang ikaapat na taon ng paghahari
ni Salomon sa Israel, nang buwan ng Ziph, na ikalawang
buwan, na kaniyang pinasimulang itinayo ang bahay ng
Panginoon. 2 At ang bahay na itinayo ng haring Salomon
ukol sa Panginoon, ang haba niyao'y anim na pung siko, at
ang luwang ay dalawang pung siko, at ang taas ay tatlong
pung siko. 3 At ang portiko sa harap ng templo ng bahay,
may dalawang pung siko ang haba, ayon sa luwang ng
bahay; at sangpung siko ang luwang niyaon sa harap ng
bahay. 4 At iginawa ang bahay ng mga dungawan na may
silahia. 5 At sa karatig ng pader ng bahay ay naglagay
siya ng mga grado sa palibot, sa siping ng mga pader ng
bahay sa palibot ng templo at gayon din sa sanggunian:
at siya'y gumawa ng mga silid sa tagiliran sa palibot: 6

Ang kabababababaan ay may limang siko ang luwang, at ang
pangalawang grado ay may anim na siko ang luwang, at
ang ikatlo ay may pitong siko ang luwang: sapagka't siya'y
gumawa ng mga tungtungan sa labas ng bahay sa palibot,
upang ang mga sikang ay huwag kumapit sa mga pader
ng bahay. 7 At ang bahay, nang ginagawa, ay ginawa na
mga bato na inihanda sa tibagan ng bato: at wala kahit
pamukpok o palakol man, o anomang kasangkapang bakal
na narinig sa bahay, samantalang itinatayo. 8 Ang pintuan
sa mga kababababaang silid sa tagiliran ay nasa dakong
kanan ng bahay: at sa pamamagitan ng isang hagdanang
sinuso ay nakapapanhik sa pangalawang grado, at mula sa
pangalawang grado ay sa ikatlo. 9 Gayon itinayo niya ang
bahay, at tinapos at binubungan ang bahay ng mga sikang
at mga tabla ng sedro. 10 At kaniyang ginawa ang mga
grado na karatig ng buong bahay, na bawa't isa'y limang siko
ang taas: at kumakapit sa bahay sa pamamagitan ng kahoy
na sedro. 11 At ang salita ng Panginoon ay dumating kay
Salomon, na sinasabi, 12 Tungkol sa bahay na ito na iyong
itinatayo, kung ikaw ay lalakad sa aking mga palatuntunan,
at gagawin ang aking mga kahatulan, at iingatan ang lahat
ng aking mga utos upang lakaran; ay akin ngang pagtitibayin
ang aking salita sa iyo, na aking sinalita kay David na iyong
ama. 13 At ako'y tatahan sa gitna ng mga anak ni Israel, at
hindi ko pababayaan ang aking bayang Israel. 14 Gayon
itinayo ni Salomon ang bahay, at tinapos. 15 At kaniyang
ginawa ang mga panig sa loob ng bahay na kahoy na sedro;
mula sa lapag ng bahay hanggang sa mga panig ng kisame,
na kaniyang binalot ng kahoy sa loob; at kaniyang tinakpan
ang lapag ng bahay ng tabla na abeto. 16 At siya'y gumawa
ng isang silid na dalawang pung siko sa pinakaloob ng
bahay, ng tabla na sedro mula sa lapag hanggang sa mga
panig sa itaas: na kaniyang ginawa sa loob na ukol sa
sanggunian, sa makatuwid baga'y ukol sa kabanalbanalang
dako. 17 At ang bahay, sa makatuwid baga'y ang templo sa
harap ng sanggunian ay apat na pung siko ang haba. 18 At
may mga sedro sa loob ng bahay na inukitan ng kulukuti
at mga bukang bulaklak: lahat ay sedro; walang batong
makikita. 19 At siya'y naghanda ng isang sanggunian sa
gitna ng pinakaloob ng bahay, upang ilagay roon ang kaban
ng tipan ng Panginoon. 20 At ang loob ng sanggunian ay
may dalawang pung siko ang haba, at dalawang pung siko
ang luwang, at dalawang pung siko ang taas: at binalot
niya ng taganas na ginto: at binalot niya ng sedro ang
dambana. 21 Sa gayo'y binalot ni Salomon ang loob ng
bahay ng taganas na ginto: at kaniyang kinanaan ng mga
tanikalang ginto ang harapan ng sanggunian; at binalot ng
ginto. 22 At binalot ng ginto ang buong bahay, hanggang sa
ang bahay ay nayari: gayon din ang buong dambana na
nauukol sa sanggunian ay kaniyang binalot ng ginto. 23 At
sa sanggunian ay gumawa siya ng dalawang querubin na
kahoy na olibo, na bawa't isa'y may sangpung siko ang taas.
24 At limang siko ang isang pakpak ng querubin, at limang
siko ang kabilang pakpak ng querubin: mula sa dulo ng
isang pakpak hanggang sa dulo ng kabila ay sangpung siko.
25 At ang isang querubin ay sangpung siko: ang dalawang
querubin ay may isang sukat at isang anyo. 26 Ang taas ng
isang querubin ay may sangpung siko, at gayon din ang
isang querubin. 27 At kaniyang inilagay ang mga querubin sa
pinakaloob ng bahay: at ang mga pakpak ng mga querubin
ay nangakabuka na anopa't ang pakpak ng isa ay dumadaiti
sa isang panig, at ang pakpak ng ikalawang querubin ay
dumadaiti sa kabilang panig; at ang kanilang mga kabilang
pakpak ay nagkakadaiti sa gitna ng bahay. 28 At kaniyang
binalot ng ginto ang mga querubin. 29 At kaniyang inukitan
ang lahat na panig ng bahay sa palibot ng mga ukit na
larawan ng mga querubin, at ng mga puno ng palma, at
ng mga bukang bulaklak, sa loob at sa labas. 30 At ang
lapag ng bahay ay binalot niya ng ginto, sa loob at sa labas.
31 At sa pasukan ng sanggunian, siya'y gumawa ng mga
pintuan na kahoy na olibo: ang itaas ng pintuan at ang mga
haligi niyaon ay ikalimang bahagi ng panig ang laki. 32 Sa
gayo'y gumawa siya ng dalawang pinto na kahoy na olibo; at
kaniyang inukitan ng mga ukit na mga querubin, at mga
puno ng palma, at mga bukang bulaklak, at binalot niya ng
ginto; at kaniyang ikinalat ang ginto sa mga querubin, at sa
mga puno ng palma, 33 Sa gayo'y gumawa naman siya sa
pasukan ng templo ng mga haligi ng pintuan na kahoy na
olibo, sa ikaapat na bahagi ng panig; 34 At dalawang pinto
na kahoy na abeto; ang dalawang pohas ng isang pinto
ay naititiklop, at ang dalawang pohas ng kabilang pinto ay
naititiklop. 35 At kaniyang pinagukitan ng mga querubin, at
mga puno ng palma, at mga bukang bulaklak; at binalot
niya ng ginto na kapit sa mga ukit na gawa. 36 At kaniyang
ginawa ang loob na looban, na tatlong hanay na batong
tabas, at isang hanay na sikang na kahoy na sedro. 37
Nang ikaapat na taon, sa buwan ng Ziph, inilagay ang mga
tatagang-baon ng bahay ng Panginoon. 38 At nang ikalabing
isang taon, sa buwan ng Bul, na siyang ikawalong buwan ay
nayari ang bahay sa lahat ng bahagi niyaon, at ayon sa
buong anyo niyaon. Na anopa't pitong taong ginawa.

7 At itinayo ni Salomon ang kaniyang sariling bahay na
labing tatlong taon, at kaniyang nayari ang kaniyang
buong bahay. 2 Sapagka't kaniyang itinayo ang bahay na
kahoy sa gubat ng Libano; ang haba'y isang daang siko, at
ang luwang ay limang pung siko, at ang taas ay tatlong pung
siko, sa apat na hanay na haliging sedro na may sikang
na sedro sa ibabaw ng mga haligi. 3 At binubungan ng

sedro sa ibabaw ng apat na pu't limang sikang, na nasa
ibabaw ng mga haligi; labing lima sa isang hanay. **4** At may
mga dungawan sa tatlong grado, at ang liwanag ng mga
yaon ay nangagkakatapatan, sa tatlong grado. **5** At ang
lahat na pintuan at mga haligi ay pawang parisukat ang
anyo: at ang mga liwanag ay nangagkakatapatan, sa tatlong
grado. **6** At siya'y gumawa ng portiko na may mga haligi:
ang haba niyao'y limang pung siko, at ang luwang niyao'y
tatlong pung siko, at may isang portiko na nasa harap ng
mga yaon; at mga haligi at sikang ang nangasa harap ng
mga yaon. **7** At kaniyang ginawa ang portiko ng luklukan na
kaniyang paghuhukuman, sa makatuwid baga'y ang portiko
ng hukuman: at nababalot ng sedro sa lapag at lapag. **8** At
ang kaniyang bahay na tahanan, ibang looban sa loob ng
portiko ay sa gayon ding gawa. Kaniyang iginawa rin naman
ng bahay ang anak na babae ni Faraon (na naging asawa ni
Salomon) na hawig portikong ito. **9** Ang lahat na ito'y mga
mahalagang bato, sa makatuwid baga'y mga batong tabas,
ayon sa sukat, na nilagari ng mga lagari, sa labas at sa loob,
mula sa mga tatagang-baon hanggang sa kataastaasan, at
gayon sa labas hanggang sa malaking looban. **10** At ang
tatagang-baon ay mga mahalagang bato, sa makatuwid
baga'y mga malaking bato, mga batong may sangpung siko,
at mga batong may walong siko. **11** At sa ibabaw ay may
mga mahalagang bato, sa makatuwid baga'y mga batong
tabas, ayon sa sukat, at kahoy na sedro. **12** At ang malaking
looban sa palibot ay may tatlong hanay ng batong tabas, at
isang hanay na sikang na sedro; gaya ng pinakaloob na
looban ng bahay ng Panginoon, at ng portiko ng bahay. **13**
At nagsugo ang haring Salomon, at ipinasundo si Hiram sa
Tiro. **14** Siya'y anak ng isang babaing bao sa lipi ni Nephtali,
at ang kaniyang ama ay lalaking taga Tiro, na manggagawa
sa tanso; at siya'y puspos ng karunungan, at katalinuhan,
at kabihasahan, upang gumawa ng lahat na gawain sa
tanso. At siya'y naparoon sa haring Salomon, at ginawa ang
lahat niyang gawain. **15** Sapagka't kaniyang tinabas ang
dalawang haligi na tanso, na may labing walong siko ang
taas ng bawa't isa: at isang panukat na pisi na may labing
dalawang siko ay maipalilibid sa bilog ng alinman sa bawa't
isa. **16** At siya'y gumawa ng dalawang kapitel na binubong
tanso, upang ilagay sa mga dulo ng mga haligi: ang taas
ng isang kapitel ay limang siko at ang taas ng kabilang
kapitel ay limang siko. **17** May mga yaring nilambat, at mga
tirintas na yaring tinanikala, na ukol sa mga kapitel na nasa
dulo ng mga haligi; pito sa isang kapitel, at pito sa kabilang
kapitel. **18** Gayon ginawa niya ang mga haligi: at mayroong
dalawang hanay sa palibot ng isang yaring lambat, upang
takpan ang mga kapitel na nasa dulo ng mga haligi; at
gayon ang ginawa niya sa kabilang kapitel. **19** At ang mga
kapitel na nasa dulo ng mga haligi sa portiko ay mga yaring
lila, na apat na siko. **20** At may mga kapitel naman sa
dulo ng dalawang haligi, na malapit sa pinakatiyan na nasa
siping ng yaring lambat: at ang mga granada ay dalawang
daan, na nahahanay sa palibot sa ikalawang kapitel. **21** At
kaniyang itinayo ang mga haligi sa portiko ng templo: at
kaniyang itinayo ang kanang haligi, at pinanganlang Jachin:
at kaniyang itinayo ang kaliwang haligi, at pinanganlang
Boaz. **22** At sa dulo ng mga haligi ay may yaring lila: sa
gayo'y ang gawain sa mga haligi ay nayari. **23** At kaniyang
ginawa ang binubong dagatdagatan na may sangpung siko
mula sa labi't labi, na lubos na mabilog, at ang taas ay limang
siko: at isang panukat na pisi na may tatlong pung siko ang
maipalilibid sa palibot. **24** At sa ilalim ng labi sa paligid ay
may mga kulukuti sa palibot, na sangpu sa bawa't siko,
na nakalibid sa dagatdagatan sa palibot: ang mga kulukuti
ay dalawang hanay, na binubo ng bubuin ang binubong
dagatdagatan. **25** Nakapatong ang dagatdagatan sa labing
dalawang baka, ang tatlo'y nakaharap sa dakong hilagaan,
ang tatlo'y nakaharap sa dakong kalunuran, ang tatlo'y
nakaharap sa dakong timugan, at ang tatlo'y nakaharap sa
dakong silanganan; at ang dagatdagatan ay napapatong sa
mga yaon, at ang lahat na puwitan ng mga yaon ay nasa
loob. **26** At ang kapal ng dagatdagatan ay isang dangkal;
at ang labi niyaon ay yaring gaya ng labi ng isang tasa,
gaya ng bulaklak na lila: naglalaman ng dalawang libong
bath. **27** At siya'y gumawa ng sangpung patungang tanso:
apat na siko ang haba ng bawa't isa at apat na siko ang
luwang, at tatlong siko ang taas. **28** At ang pagkayari ng
mga patungan ay ganitong paraan: may mga gilid na takip
sa pagitan ng mga sugpong: **29** At sa mga gilid na takip
na nasa pagitan ng mga sugpong ay may mga leon, mga
baka, at mga querubin; at sa itaas ng mga sugpong ay may
tungtungan sa ibabaw; at sa ibaba ng mga leon, at mga
baka, ay may mga tirintas na nangagbitin. **30** At bawa't
patungan ay may apat na gulong na tanso, at mga ejeng
tanso: at ang apat na paa niyao'y may mga lapatan: sa ilalim
ng hugasan ay may mga lapatan na binubo, na may mga
tirintas sa siping ng bawa't isa. **31** At ang bunganga niyaong
nasa loob ng kapitel, at ang taas ay may isang siko: at ang
bunganga niyao'y mabilog ayon sa pagkayari ng tungtungan,
na may isang siko't kalahati: at sa bunganga naman niyao'y
may mga ukit, at ang mga gilid ng mga yaon ay parisukat,
hindi mabilog. **32** At ang apat na gulong ay nasa ibaba ng
mga gilid; at ang mga eje ng mga gulong ay nasa patungan:
at ang taas ng bawa't gulong ay isang siko at kalahati. **33**
At ang pagkagawa ng mga gulong ay gaya ng pagkagawa
ng mga gulong ng karo: ang mga eje ng mga yaon, at ang
mga llanta ng mga yaon, at ang mga rayos ng mga yaon at

ang mga boha niyaon ay pawang binubo. 34 At may apat
na lapatan sa apat na panulok ng bawa't patungan: ang
mga lapatan ay kaputol ng patungan. 35 At sa ibabaw ng
patungan ay may isang nakababakod na mabilog na may
kalahating siko ang taas: at sa ibabaw ng patunga'y nandoon
ang mga panghawak, at ang mga gilid ay kaputol niyaon. 36
At sa mga lamina ng mga panghawak niyaon at sa mga gilid
niyaon, ay kaniyang inukitan ng mga querubin, mga leon, at
mga puno ng palma ayon sa pagitan ng bawa't isa, na may
mga tirintas sa palibot. 37 Ayon sa paraang ito ay kaniyang
ginawa ang sangpung patungan: lahat ng yaon ay iisa ang
pagkabubo, iisa ang sukat, at iisa ang anyo. 38 At siya'y
gumawa ng sangpung hugasang tanso: isang hugasan ay
naglalaman ng apat na pung bath: at bawa't hugasan ay
may apat na siko: at sa bawa't isa sa sangpung patungan ay
isang hugasan. 39 At kaniyang inilagay ang mga patungan,
lima sa kanang tagiliran ng bahay, at lima sa kaliwang
tagiliran ng bahay: at kaniyang inilagay ang dagatdagatan sa
tagilirang kanan ng bahay sa dakong silanganan, na dakong
timugan. 40 At ginawa ni Hiram ang mga hugasan, at ang
mga pala, at ang mga mangkok. Gayon tinapos gawin ni
Hiram ang lahat na gawa na kaniyang ginawa sa haring
Salomon, sa bahay ng Panginoon: 41 Ang dalawang haligi,
at ang dalawang kabilugan sa paligid ng mga kapitel na
nasa dulo ng mga haligi; at ang dalawang yaring lambat na
nakaligid sa dalawang kabilugan ng mga kapitel na nasa
dulo ng mga haligi; 42 At ang apat na raang granada sa
dalawang yaring lambat; ang dalawang hanay na granada
sa bawa't yaring lambat, upang makaligid sa dalawang
kabilugan ng mga kapitel na nasa dulo ng mga haligi; 43
At ang sangpung patungan, at ang sangpung hugasan sa
ibabaw ng mga patungan; 44 At ang isang dagatdagatan, at
ang labing dalawang baka sa ilalim ng dagatdagatan; 45 At
ang mga palyok, at ang mga pala, at ang mga mangkok: sa
makatuwid baga'y lahat ng kasangkapang ito na ginawa
ni Hiram sa haring Salomon, sa bahay ng Panginoon, ay
pawang tansong binuli. 46 Sa kapatagan ng Jordan binubo
ng hari, sa malagkit na lupa na nasa pagitan ng Succoth at
ng Sarthan. 47 At lahat na kasangkapan ay hindi tinimbang
ni Salomon, sapagka't totoong napakarami: ang timbang ng
tanso ay hindi makukuro. 48 At ginawa ni Salomon ang lahat
na kasangkapan na nasa bahay ng Panginoon: ang ginintong
dambana, at ang dulang na gininto na kinaroroonan ng
tinapay na handog; 49 At ang mga kandelero na taganas
na ginto na lima sa dakong kanan, at lima sa kaliwa sa
harap ng sanggunian; at ang mga bulaklak, at ang mga
ilawan, at mga pangipit na ginto; 50 At ang mga saro, at ang
mga panggupit ng micha, at ang mga mangkok, at ang mga
panandok, at ang mga suuban, na taganas na ginto; at ang
mga pihitang ginto maging ang sa mga pinto ng bahay sa
loob, na kabanalbanalang dako, at ang sa mga pinto ng
bahay, sa makatuwid baga'y ng templo. 51 Ganito nayari
ang buong gawa ng haring Salomon na ginawa sa bahay
ng Panginoon. At ipinasok ni Salomon ang mga bagay
na itinalaga ni David na kaniyang ama, ang pilak at ang
ginto, at ang mga kasangkapan, at ipinasok sa mga silid ng
kayamanan ng bahay ng Panginoon.

8 Nang magkagayo'y pinisan ni Salomon ang mga matanda
ng Israel at ang lahat na pangulo sa mga lipi, ang mga
prinsipe sa mga sangbahayan ng mga magulang ng mga
anak ni Israel, sa haring Salomon sa Jerusalem, upang
iahon ang kaban ng tipan ng Panginoon mula sa bayan ni
David na siyang Sion. 2 At ang lahat na lalake sa Israel
ay nagpisan kay haring Salomon sa kapistahan, sa buwan
ng Ethanim, na siyang ikapitong buwan. 3 At ang lahat na
matanda sa Israel ay naparoon, at binuhat ng mga saserdote
ang kaban. 4 At kanilang iniahon ang kaban ng Panginoon,
at ang tabernakulo ng kapisanan, at ang lahat na banal na
kasangkapan na nasa Tolda; iniahon nga ang mga ito ng
mga saserdote at ng mga Levita. 5 At ang haring Salomon at
ang buong kapulungan ng Israel na nangagpisan sa kaniya,
ay mga kasama niya sa harap ng kaban, na naghahain ng
mga tupa at mga baka, na di masasaysay o mabibilang man
dahil sa karamihan. 6 At ipinasok ng mga saserdote ang
kaban ng tipan ng Panginoon sa karoroonan, sa loob ng
sanggunian ng bahay, sa kabanalbanalang dako, sa ilalim
ng mga pakpak ng mga querubin. 7 Sapagka't nangakabuka
ang mga pakpak ng mga querubin sa dako ng kaban, at
ang mga querubin ay nagbibigay kanlong sa kaban at sa
mga pingga niyaon sa ibabaw. 8 At ang mga pingga ay
nangapakahaba, na ang mga dulo ng mga pingga ay nakikita
mula sa dakong banal sa harap ng sanggunian; nguni't hindi
nangakikita sa labas: at nandoon hanggang sa araw na
ito. 9 Walang anomang bagay sa kaban liban sa dalawang
tapyas na bato na inilagay ni Moises doon sa Horeb, nang
ang Panginoon ay makipagtipan sa mga anak ni Israel, nang
sila'y lumabas sa lupain ng Egipto. 10 At nangyari, nang
ang mga saserdote ay magsilabas sa dakong banal, na
napuno ng ulap ang bahay ng Panginoon. 11 Na anopa't ang
mga saserdote ay hindi makatayo upang mangasiwa dahil
sa ulap: sapagka't napuno ng kaluwalhatian ng Panginoon
ang bahay ng Panginoon. 12 Nang magkagayo'y nagsalita
si Salomon, Ang Panginoo'y nagsabi na siya'y tatahan sa
salimuot na kadiliman. 13 Tunay na ipinagtayo kita ng isang
bahay na tahanan, ng isang dako upang iyong tahanan
magpakailan man. 14 At ipinihit ng hari ang kaniyang mukha,
at binasbasan ang buong kapisanan ng Israel: at ang buong
kapisanan ng Israel ay tumayo. 15 At kaniyang sinabi,

Purihin ang Panginoon, ang Dios ng Israel, na nagsalita
ng kaniyang bibig kay David na aking ama, at tinupad ng
kaniyang kamay, na sinasabi, 16 Mula nang araw na aking
ilabas ang aking bayang Israel sa Egipto, hindi ako pumili
ng bayan sa lahat ng mga lipi ng Israel upang magtayo ng
bahay, upang ang aking pangalan ay dumoon; nguni't aking
pinili si David upang maging pangulo sa aking bayang Israel.
17 Nasa puso nga ni David na aking ama ang ipagtayo
ng isang bahay ang pangalan ng Panginoon, ang Dios ng
Israel. 18 Nguni't sinabi ng Panginoon kay David na aking
ama, Sa paraang nasa iyong puso ang ipagtayo ng isang
bahay ang aking pangalan, mabuti ang iyong ginawa na
inakala mo sa iyong puso; 19 Gayon ma'y hindi mo itatayo
ang bahay; kundi ang iyong anak na lalabas sa iyong mga
balakang, siyang magtatayo ng bahay na ukol sa aking
pangalan. 20 At pinagtibay ng Panginoon ang kaniyang
salita na kaniyang sinalita: sapagka't ako'y bumangon na
kahalili ni David na aking ama, at nakaupo sa luklukan ng
Israel, gaya ng ipinangako ng Panginoon, at nagtayo ako ng
bahay na ukol sa pangalan ng Panginoon, ng Dios ng Israel.
21 At doo'y aking ipinaghanda ng isang dako ang kaban, na
kinaroroonan ng tipan ng Panginoon na kaniyang ginawa sa
ating mga magulang, nang kaniyang ilabas sila sa lupain ng
Egipto. 22 At si Salomon ay tumayo sa harap ng dambana
ng Panginoon, sa harapan ng buong kapisanan ng Israel, at
iginawad ang kaniyang mga kamay sa dakong langit: 23 At
kaniyang sinabi, Oh Panginoong Dios ng Israel, walang Dios
na gaya mo, sa langit sa itaas, o sa lupa sa ibaba; na siyang
nagiingat ng tipan at ng kaawaan sa iyong mga lingkod,
na lumalakad sa harap mo ng kanilang buong puso. 24 Na
siyang nagingat sa iyong lingkod na kay David na aking ama
ng iyong ipinangako sa kaniya: oo, ikaw ay nagsalita ng
iyong bibig, at ginanap mo ng iyong kamay, gaya sa araw na
ito. 25 Ngayon nga, Oh Panginoon, na Dios ng Israel, tuparin
mo sa iyong lingkod na kay David na aking ama ang iyong
ipinangako sa kaniya, na iyong sinasabi, Hindi magkukulang
sa iyo ng lalake sa aking paningin, na uupo sa luklukan ng
Israel, kung ang iyong mga anak lamang ay magsisipagingat
ng kanilang lakad, na magsisilakad sa harap ko na gaya
ng inilakad mo sa harap ko. 26 Ngayon nga, Oh Dios ng
Israel, idinadalangin ko sa iyo na papangyarihin mo ang
iyong salita na iyong sinalita sa iyong lingkod na kay David
na aking ama. 27 Nguni't katotohanan bang tatahan ang
Dios sa lupa? Narito, sa langit at sa langit ng mga langit
ay hindi ka magkasiya; gaano pa sa bahay na ito na aking
itinayo! 28 Gayon ma'y iyong pakundanganan ang dalangin
ng iyong lingkod at ang kaniyang pamanhik, Oh Panginoon
kong Dios, na dinggin ang daing at dalangin na idinadalangin
ng iyong lingkod sa harap mo sa araw na ito: 29 Na anopa't
ang iyong mga mata ay idilat sa dako ng bahay na ito gabi
at araw, sa dakong iyong sinabi, Ang aking pangalan ay
doroon; upang dinggin ang panalangin na idadalangin ng
iyong lingkod sa dakong ito. 30 At dinggin mo ang pamanhik
ng iyong lingkod, at ng iyong bayang Israel, pagka sila'y
mananalangin sa dakong ito: oo, dinggin mo sa langit na
iyong tahanang dako; at pagka iyong narinig patawarin mo.
31 Kung ang isang tao ay magkasala laban sa kaniyang
kapuwa, at papanumpain siya upang siya'y sumumpa, at
siya'y pumarito at manumpa sa harap ng iyong dambana sa
bahay na ito: 32 Dinggin mo nga sa langit, at iyong gawin,
at hatulan mo ang iyong mga lingkod, na iyong parusahan
ang masama, upang iyong dalhin ang kaniyang lakad sa
kaniyang sariling ulo; at ariing-ganap ang matuwid, upang
bigyan siya ng ayon sa kaniyang katuwiran. 33 Pagka ang
iyong bayang Israel ay nasaktan sa harap ng kaaway, dahil
sa sila'y nagkasala laban sa iyo; kung sila'y bumalik sa iyo,
at ipahayag ang iyong pangalan, at dumalangin at pumanhik
sa iyo sa bahay na ito: 34 Dinggin mo nga sa langit, at
ipatawad mo ang sala ng iyong bayang Israel, at dalhin
mo sila uli sa lupain na iyong ibinigay sa kanilang mga
magulang. 35 Pagka ang langit ay nasarhan, at walang
ulan, dahil sa sila'y nagkasala laban sa iyo; kung sila'y
dumalangin sa dakong ito, at ipahayag ang iyong pangalan,
at talikdan ang kanilang kasalanan, pagka iyong pinighati
sila: 36 Dinggin mo nga sa langit, at ipatawad mo ang sala ng
iyong mga lingkod, at ng iyong bayang Israel, pagka iyong
tuturuan sila ng mabuting daan na kanilang dapat lakaran; at
paulanan mo ang iyong lupain na iyong ibinigay sa iyong
bayan na pinakamana. 37 Kung magkaroon ng kagutom
sa lupain, kung magkaroon ng salot, kung magkaroon ng
pagkakatuyot, o amag, balang o tipaklong, kung kulungin
sila ng kanilang kaaway sa lupain ng kanilang mga bayan;
anomang salot, anomang sakit na magkaroon, 38 Anomang
dalangin at pamanhik na gawin ng sinomang tao, o ng
iyong buong bayang Israel, na makikilala ng bawa't tao ang
salot sa kaniyang sariling puso, at iuunat ang kaniyang mga
kamay sa dako ng bahay na ito: 39 Dinggin mo nga sa
langit na iyong tahanang dako, at ikaw ay magpatawad at
gumawa, at gumanti ka sa bawa't tao ayon sa lahat niyang
mga lakad na ang puso ay iyong natataho; (sapagka't ikaw,
ikaw lamang ang nakakataho ng mga puso ng lahat ng
mga anak ng mga tao; ) 40 Upang sila'y matakot sa iyo sa
lahat ng kaarawan na kanilang ikabubuhay sa lupain na
iyong ibinigay sa aming mga magulang. 41 Bukod dito'y
tungkol sa taga ibang lupa, na hindi sa iyong bayang Israel,
pagka siya'y magbubuhat sa isang malayong lupain dahil sa
iyong pangalan; 42 (Sapagka't kanilang mababalitaan ang
iyong dakilang pangalan, at ang iyong makapangyarihang

kamay, at ang iyong unat na bisig: ) pagka siya'y paririto at
dadalangin sa dako ng bahay na ito; 43 Dinggin mo nga sa
langit na iyong tahanang dako, at gawin mo ang ayon sa
lahat na idalangin sa iyo ng taga ibang lupa; upang makilala
ng lahat ng mga bayan sa lupa ang iyong pangalan, upang
matakot sa iyo, gaya ng iyong bayang Israel, at upang
kanilang makilala na ang bahay na ito na aking itinayo ay
tinatawag sa pamamagitan ng iyong pangalan. 44 Kung ang
iyong bayan ay lumabas sa pakikipagbaka laban sa kaniyang
mga kaaway, saan mo man sila suguin, at manalangin sa
Panginoon sa dako ng bayan na iyong pinili, at sa dako
ng bahay na aking itinayo na ukol sa iyong pangalan: 45
Dinggin mo nga sa langit ang kanilang dalangin at ang
kanilang pamanhik, at alalayan mo ang kanilang usap. 46
Kung sila'y magkasala laban sa iyo, (sapagka't walang tao
na di nagkakasala, ) at ikaw ay magalit sa kanila, at ibigay
mo sila sa kaaway, na anopa't sila'y dalhing bihag sa lupain
ng kaaway sa malayo o sa malapit; 47 Gayon ma'y kung
sila'y magbulay sa kanilang sarili sa lupain na pagdadalhang
bihag sa kanila, at magbalik-loob, at mamanhik sa iyo sa
lupaing pinagdalhan sa kanila na bihag, na magsabi, Kami
ay nagkasala, at kami ay gumawa ng kalikuan, kami ay
gumawa ng kasamaan; 48 Kung sila'y bumalik sa iyo ng
buong puso nila at ng buong kaluluwa nila sa lupain ng
kanilang mga kaaway, na nagdala sa kanilang bihag, at
manalangin sa iyo sa dako ng kanilang lupain, na iyong
ibinigay sa kanilang mga magulang, na bayang pinili mo, at
bahay na aking itinayo na ukol sa iyong pangalan: 49 Dinggin
mo nga ang kanilang dalangin at ang kanilang pamanhik sa
langit na iyong tahanang dako, at alalayan mo ang kanilang
usap; 50 At patawarin mo ang iyong bayan, na nagkasala
laban sa iyo, at ang lahat nilang pagsalangsang na kanilang
isinalangsang laban sa iyo; at mahabag ka sa kanila sa
harap niyaong mga nagdalang bihag sa kanila, upang sila'y
mahabag sa kanila: 51 (Sapagka't sila'y iyong bayan at
iyong mana, na iyong inilabas sa Egipto sa gitna ng hurnong
bakal): 52 Upang ang iyong mga mata'y madilat sa dalangin
ng iyong lingkod, at sa dalangin ng iyong bayang Israel,
upang iyong dinggin sila sa anomang panahong kanilang
idaing sa iyo. 53 Sapagka't iyong inihiwalay sila sa gitna ng
lahat ng mga bayan sa lupa upang maging iyong mana, gaya
ng iyong sinalita sa pamamagitan ni Moises na iyong lingkod
nang iyong ilabas ang aming mga magulang sa Egipto, Oh
Panginoong Dios. 54 At nangyari, na pagkatapos ni Salomon
na makapanalangin nitong lahat na dalangin at pamanhik sa
Panginoon, siya'y tumindig mula sa harap ng dambana ng
Panginoon, sa pagkaluhod ng kaniyang mga tuhod na ang
kaniyang mga kamay ay nakagawad sa dakong langit. 55 At
siya'y tumayo, at binasbasan ang buong kapisanan ng Israel
ng malakas na tinig, na sinasabi, 56 Purihin ang Panginoon
na nagbigay kapahingahan sa kaniyang bayang Israel, ayon
sa lahat na kaniyang ipinangako: walang nagkulang na
isang salita sa lahat niyang mabuting pangako, na kaniyang
ipinangako sa pamamagitan ni Moises na kaniyang lingkod.
57 Sumaatin nawa ang Panginoon nating Dios, kung paanong
siya'y sumaating mga magulang: huwag niya tayong iwan o
pabayaan man; 58 Upang kaniyang ihilig ang ating mga
puso sa kaniya, upang magsilakad sa lahat ng kaniyang mga
daan, at ingatan ang kaniyang mga utos, at ang kaniyang
mga palatuntunan, at ang kaniyang mga kahatulan, na
kaniyang iniutos sa ating mga magulang. 59 At ang mga
salitang ito na aking idinalangin sa harap ng Panginoon ay
malapit nawa sa Panginoon nating Dios sa araw at gabi, na
kaniyang alalayan ang usap ng kaniyang lingkod, at ang
usap ng kaniyang bayang Israel, ayon sa kailangan sa araw
araw; 60 Upang maalaman ng lahat na bayan sa lupa, na
ang Panginoon ay siyang Dios: walang iba. 61 Kaya't maging
sakdal nawa ang inyong puso sa Panginoon nating Dios, na
magsilakad sa kaniyang mga palatuntunan, at ingatan ang
kaniyang mga utos, gaya sa araw na ito. 62 At ang hari, at
ang buong Israel na kasama niya, ay naghandog ng hain sa
harap ng Panginoon. 63 At naghandog si Salomon ng haing
mga handog tungkol sa kapayapaan ng kaniyang inihandog
sa Panginoon, na dalawang pu't dalawang libong baka, at
isang daan at dalawang pung libong tupa. Ganito itinalaga
ng hari at ng lahat ng mga anak ni Israel ang bahay ng
Panginoon. 64 Nang araw ding yaon ay pinapaging banal
ng hari ang gitna ng looban na nasa harap ng bahay ng
Panginoon: sapagka't doon niya inihandog ang handog na
susunugin, at ang handog na harina, at ang taba ng mga
handog tungkol sa kapayapaan, sapagka't ang tansong
dambana na nasa harap ng Panginoon ay totoong maliit
na hindi magkasya roon ang handog na susunugin, at ang
handog na harina, at ang taba ng mga handog tungkol
sa kapayapaan. 65 Sa gayo'y ipinagdiwang ni Salomon
ang kapistahan nang panahong yaon at ang buong Israel
na kasama niya, isang malaking kapisanan na mula sa
pasukan sa Hamath hanggang sa batis ng Egipto sa harap
ng Panginoon nating Dios, na pitong araw, at pitong araw, sa
makatuwid baga'y labing apat na araw. 66 Nang ikawalong
araw, ay kaniyang pinapagpaalam ang bayan: at kanilang
pinuri ang hari, at naparoon sa kanilang mga tolda na galak
at may masayang puso dahil sa lahat na kabutihan na
ipinakita ng Panginoon kay David na kaniyang lingkod, at sa
Israel na kaniyang bayan.

9 At nangyari, nang matapos ni Salomon ang pagtatayo
ng bahay ng Panginoon, at ng bahay ng hari, at ang
lahat na nasa ni Salomon na kaniyang kinalulugurang gawin.

2 Na ang Panginoo'y napakita kay Salomon na ikalawa,
gaya ng siya'y pakita sa kaniya sa Gabaon. 3 At sinabi ng
Panginoon sa kaniya, Aking dininig ang iyong panalangin
at ang iyong pamanhik na iyong ipinagbadya sa harap ko:
aking pinapaging banal ang bahay na ito na iyong itinayo,
upang ilagay ang aking pangalan doon magpakailan man; at
ang aking mga mata at ang aking puso ay doroong palagi. 4
At tungkol sa iyo, kung ikaw ay lalakad sa harap ko, gaya
ng inilakad ni David, na iyong ama sa pagtatapat ng puso
at sa katuwiran na gagawa ka ng ayon sa lahat ng aking
iniutos sa iyo, at iingatan mo ang aking mga palatuntunan
at ang aking mga kahatulan: 5 Ay akin ngang itatatag ang
luklukan ng iyong kaharian sa Israel magpakailan man, ayon
sa aking ipinangako kay David na iyong ama, na sinasabi,
Hindi magkukulang sa iyo ng lalake sa luklukan ng Israel. 6
Nguni't kung kayo ay magsisihiwalay sa pagsunod sa akin,
kayo o ang inyong mga anak, at hindi ingatan ang aking mga
utos, at ang aking mga palatuntunan, na aking inilagay sa
harap ninyo, kundi kayo'y magsisiyaon at magsisipaglingkod
sa ibang mga dios, at magsisisamba sa kanila: 7 Aking
ngang ihihiwalay ang Israel sa lupain na aking ibinigay sa
kanila; at ang bahay na ito na aking pinapaging banal sa
aking pangalan, ay aking iwawaksi sa aking paningin; at
ang Israel ay magiging kawikaan at kakutyaan sa gitna ng
lahat ng bayan: 8 At bagaman ang bahay na ito ay totoong
mataas, gayon ma'y ang bawa't magdaan sa kaniya ay
magtataka at susutsot at kanilang sasabihin, Bakit ginawa
ng Panginoon ang ganito sa lupaing ito, at sa bahay na
ito? 9 At sila'y magsisisagot, Sapagka't kanilang pinabayaan
ang Panginoon nilang Dios na naglabas sa kanilang mga
magulang sa lupain ng Egipto, at nagsipanghawak sa ibang
mga dios, at sinamba nila, at pinaglingkuran nila: at kaya't
pinarating ng Panginoon sa kanila ang lahat na kasamaang
ito. 10 At nangyari sa katapusan ng dalawang pung taon,
nang si Salomon ay makapagtayo ng dalawang bahay, ng
bahay ng Panginoon at ng bahay ng hari, 11 (Si Hiram nga
na hari sa Tiro ay nagpadala kay Salomon ng mga kahoy na
sedro, at mga kahoy na abeto, at ng ginto, ayon sa buo
niyang nasa, ) na binigyan nga ng haring Salomon si Hiram
ng dalawang pung bayan sa lupain ng Galilea. 12 At lumabas
si Hiram sa Tiro upang tingnan ang mga bayan na ibinigay ni
Salomon sa kaniya; at hindi niya kinalugdan. 13 At kaniyang
sinabi, Anong mga bayan itong iyong ipinagbibigay sa akin,
kapatid ko? At tinawag niya: lupain ng Cabul, hanggang sa
araw na ito. 14 At nagpadala si Hiram sa hari ng isang daan
at dalawang pung talentong ginto. 15 At ito ang kadahilanan
ng atang na iniatang ng haring Salomon, upang itayo ang
bahay ng Panginoon at ang kaniyang bahay, at ang Millo
at ang kuta sa Jerusalem at ang Hasor, at ang Megiddo,
at ang Gezer. 16 Si Faraong hari sa Egipto ay umahon,
at sinakop ang Gezer, at sinunog ng apoy, at pinatay ang
mga Cananeo na nagsisitahan sa bayan, at ibinigay na
pinakabahagi sa kaniyang anak na babae, na asawa ni
Salomon. 17 At itinayo ni Salomon ang Gezer, at ang Beth-
horon sa ibaba, 18 At ang Baalath, at ang Tamar sa ilang, sa
lupain, 19 At ang lahat na bayan na imbakan na tinatangkilik
ni Salomon, at ang mga bayan sa kaniyang mga karo, at
ang mga bayan sa kaniyang mga mangangabayo, at yaong
pinagnasaang pagtayuan ni Salomon sa kalulugdan niya sa
Jerusalem, at sa Libano, at sa lahat ng lupain na kaniyang
sakop. 20 Tungkol sa lahat na tao na naiwan, sa mga
Amorrheo, mga Hetheo, mga Pherezeo, mga Heveo, at mga
Jebuseo, na hindi sa mga anak ni Israel; 21 Sa kanilang mga
anak na naiwan pagkamatay nila sa lupain, na hindi nalipol
na lubos ng mga anak ni Israel, ay sa kanila nagtindig si
Salomon ng pulutong ng alipin, hanggang sa araw na ito. 22
Nguni't hinggil sa mga anak ni Israel ay walang ginawang
alipin si Salomon; kundi sila'y mga lalaking mangdidigma, at
kaniyang mga lingkod, at kaniyang mga prinsipe, at kaniyang
mga punong kawal, at mga pinuno sa kaniyang mga karo, at
sa kaniyang mga mangangabayo. 23 Ito ang mga punong
kapatas na nangasa gawain ni Salomon, limangdaan at
limangpu, na nagsisipagpuno sa bayan na nagsisigawa sa
gawain. 24 Nguni't ang anak na babae ni Faraon ay umahon
mula sa bayan ni David sa kaniyang bahay na itinayo ni
Salomon na ukol sa kaniya: saka itinayo niya ang Millo. 25
At makaitlo sa isang taon na naghahandog si Salomon ng
mga handog na susunugin at ng mga handog tungkol sa
kapayapaan sa ibabaw ng dambana na kaniyang itinayo
sa Panginoon, na pinagsusunugan niya ng kamangyan sa
harap ng Panginoon. Ganoon niya niyari ang bahay. 26
At nagpagawa ang haring Salomon ng mga sasakyang
dagat sa Ezion-geber na nasa siping ng Elath, sa baybayin
ng Dagat na Mapula, sa lupain ng Edom. 27 At sinugo ni
Hiram sa mga sasakyan ang kaniyang mga bataan, mga
magdadagat na bihasa sa dagat, na kasama ng mga bataan
ni Salomon. 28 At sila'y nagsiparoon sa Ophir at nagsikuha
mula roon ng ginto, na apat na raan at dalawang pung
talento, at dinala sa haring Salomon.

10 At nang mabalitaan ng reina sa Seba ang kabantugan
ni Salomon tungkol sa pangalan ng Panginoon, ay
naparoon siya upang subukin niya siya ng mga mahirap
na tanong. 2 At siya'y naparoon sa Jerusalem na may
maraming kaakbay, may mga kamelyo na may pasang mga
espesia at totoong maraming ginto, at mga mahalagang
bato: at nang siya'y dumating kay Salomon ay kaniyang
inihinga sa kaniya ang lahat na laman ng kaniyang dibdib. 3
At isinaysay ni Salomon sa kaniya ang lahat ng kaniyang

mga tanong: walang bagay na lihim sa hari na hindi niya
isinaysay sa kaniya. 4 At nang makita ng reina sa Seba
ang buong karunungan ni Salomon, at ang bahay na
kaniyang itinayo, 5 At ang pagkain sa kaniyang dulang,
at ang pagkaayos ng kaniyang mga alila, at ang tayo
ng kaniyang mga tagapangasiwa, at ang kanilang mga
pananamit, at ang kaniyang mga tagahawak ng saro, at ang
kaniyang sampahan na kaniyang sinasampahan sa bahay ng
Panginoon; ay nawalan siya ng diwa. 6 At sinabi niya sa hari,
Tunay na balita ang aking narinig sa aking sariling lupain
tungkol sa iyong mga gawa, at sa iyong karunungan. 7 Gayon
may hindi ko pinaniwalaan ang mga salita hanggang sa
ako'y dumating, at nakita ng aking mga mata: at, narito, ang
kalahati ay hindi nasaysay sa akin: ang iyong karunungan
at pagkaginhawa ay higit kay sa kabantugan na aking
narinig. 8 Maginhawa ang iyong mga lalake, maginhawa
ang iyong mga lingkod na ito, na nagsisitayong palagi sa
harap mo, at nakakarinig ng iyong karunungan. 9 Purihin
ang Panginoon mong Dios, na nalulugod sa iyo, upang
ilagay ka sa luklukan ng Israel: sapagka't minamahal ng
Panginoon ang Israel magpakailan man, kaya't ginawa ka
niyang hari upang gumawa ng kahatulan at ng katuwiran.
10 At siya'y nagbigay sa hari ng isang daan at dalawang
pung talentong ginto, at mga espesia na totoong sagana,
at mga mahalagang bato; kailan ma'y hindi nagkaroon ng
gayong kasaganaan ng mga espesia, gaya ng mga ito na
ibinigay ng reina sa Seba sa haring Salomon. 11 At ang
mga sasakyang dagat naman ni Hiram na nagsipagdala ng
ginto mula sa Ophir, ay nagsipagdala ng saganang kahoy
na almug at mga mahalagang bato mula sa Ophir. 12 At
ginawa ng hari na mga haligi ang mga kahoy na almug sa
bahay ng Panginoon, at sa bahay ng hari, at ginawa ring
mga alpa. At mga salterio sa mga mangaawit: kailan ma'y
hindi dumating ang mga gayong kahoy na almug, o nakita
man, hanggang sa araw na ito. 13 At ang haring Salomon
ay nagbigay sa reina sa Seba ng lahat niyang naibigan, at
lahat niyang hiningi, bukod doon sa ibinigay ni Salomon sa
kaniya na kaloob-hari. Sa gayo'y bumalik siya, at umuwi sa
kaniyang sariling lupain, siya, at ang kaniyang mga lingkod.
14 Ang timbang nga ng ginto na dumating kay Salomon
sa isang taon ay anim na raan at anim na pu't anim na
talentong ginto, 15 Bukod doon sa dinala ng mga naglalako,
at sa kalakal ng mga mangangalakal, at sa lahat na hari ng
halohalong bayan, at sa mga gobernador sa lupain. 16 At
ang haring Salomon ay gumawa ng dalawang daang kalasag
na pinukpok na ginto: anim na raang siklong ginto ang
ginamit sa bawa't kalasag. 17 At siya'y gumawa ng tatlong
daang ibang kalasag na pinukpok na ginto: tatlong librang
ginto ang ginamit sa bawa't kalasag: at ipinaglalagay ng hari
sa bahay na kahoy sa gubat ng Libano. 18 Bukod dito'y
gumawa ang hari ng isang malaking luklukang garing, at
binalot ng gintong pinakamainam. 19 May anim na baytang
sa luklukan, at ang pinakalangit ng luklukan ay mabilog sa
likuran: at may mga pinakakamay sa bawa't tagiliran sa
siping ng dako ng upuan, at dalawang leon ang nakatayo sa
siping ng mga pinakakamay. 20 At labing dalawang leon
ang nakatayo roon sa isang dako at sa kabilang dako sa
ibabaw ng anim na baytang: walang nagawang gayon sa
alinmang kaharian. 21 At ang lahat na sisidlang inuman ng
haring Salomon ay ginto, at ang lahat na sisidlan sa bahay
na kahoy sa gubat ng Libano ay taganas na ginto: walang
pilak; hindi mahalaga ito sa mga kaarawan ni Salomon. 22
Sapagka't ang hari ay mayroon sa dagat ng mga sasakyan
na yari sa Tharsis na kasama ng mga sasakyang dagat ni
Hiram: minsan sa bawa't tatlong taon ay nanggagaling ang
mga sasakyang dagat na yari sa Tharsis, na nagdadala ng
ginto, at pilak, at garing, at mga unggoy, at mga pabo real.
23 Sa gayo'y ang haring Salomon ay humigit sa lahat ng mga
hari sa lupa sa kayamanan at sa karunungan. 24 At hinanap
ng buong lupa ang harapan ni Salomon, upang makinig
ng kaniyang karunungan, na inilagay ng Dios sa kaniyang
puso. 25 At sila'y nagsipagdala bawa't isa ng kanikaniyang
kaloob, na mga sisidlang pilak, at mga sisidlang ginto, at
damit, at sandata, at mga espesia, mga kabayo, at mga
mula, na sanggayon taontaon. 26 At pinisan ni Salomon
ang mga karo, at ang mga mangangabayo: at siya'y may
isang libo't apat na raang karo, at labing dalawang libong
mangangabayo, na kaniyang inilagay sa mga bayan ng mga
karo, at kasama ng hari sa Jerusalem. 27 At ginawa ng hari
na maging gaya ng mga bato ang pilak sa Jerusalem, at ang
mga sedro, ay ginawa niyang maging gaya ng mga puno ng
sikomoro na nasa mababang lupa dahil sa kasaganaan. 28
At ang mga kabayo na tinatangkilik ni Salomon ay inilabas sa
Egipto: at ang mga mangangalakal ng hari ay nagsitanggap
ng kawan ng mga yaon, bawa't kawan ay sa halaga. 29
At kanilang isinasampa at inilalabas sa Egipto ang isang
karo sa halagang anim na raang siklong pilak, at ang isang
kabayo, ay sa isang daan at limangpu: at gayon sa lahat ng
mga hari sa mga Hetheo, at sa mga hari sa Siria ay kanilang
inilabas sa pamamagitan nila.

11 Ang haring Salomon nga ay sumisinta sa maraming
babaing taga ibang lupa na pati sa anak ni Faraon, mga
babaing Moabita, Ammonita, Idumea, Sidonia, at Hethea; 2
Sa mga bansa na sinabi ng Panginoon sa mga anak ni Israel:
Kayo'y huwag makikihalo sa kanila o sila man ay makikihalo
sa inyo: sapagka't walang pagsalang kanilang ililigaw ang
inyong puso sa pagsunod sa kanilang mga dios: nasabid si
Salomon sa mga ito sa pagsinta. 3 At siya'y nagkaroon ng

pitong daang asawa, na mga prinsesa, at tatlong daang
babae: at iniligaw ng kaniyang mga asawa ang kaniyang
puso. 4 Sapagka't nangyari, nang si Salomon ay matanda
na, iniligaw ng kaniyang mga asawa ang kaniyang puso
sa ibang mga dios: at ang kaniyang puso ay hindi naging
sakdal sa Panginoon niyang Dios, na gaya ng puso ni David
na kaniyang ama. 5 Sapagka't si Salomon ay sumunod
kay Astaroth, diosa ng mga Sidonio, at kay Milcom, na
karumaldumal ng mga Ammonita. 6 At gumawa si Salomon
ng masama sa paningin ng Panginoon, at hindi sumunod
na lubos sa Panginoon, na gaya ng ginawa ni David na
kaniyang ama. 7 Nang magkagayo'y ipinagtayo ni Salomon
ng mataas na dako si Chemos na karumaldumal ng Moab,
sa bundok na nasa tapat ng Jerusalem, at si Moloch na
kasuklamsuklam ng mga anak ni Ammon. 8 At gayon ang
ginawa niya sa lahat niyang asawang mga taga ibang lupa,
na nagsunog ng mga kamangyan at naghain sa kanikanilang
mga dios. 9 At ang Panginoo'y nagalit kay Salomon, dahil sa
ang kaniyang puso ay humiwalay sa Panginoon, sa Dios
ng Israel, na napakita sa kaniyang makalawa, 10 At siyang
nagutos sa kaniya tungkol sa bagay na ito, na siya'y huwag
sumunod sa ibang mga dios; nguni't hindi niya iningatan ang
iniutos ng Panginoon. 11 Kaya't sinabi ng Panginoon kay
Salomon, Yamang ito'y nagawa mo, at hindi mo iningatan
ang aking tipan, at ang aking mga palatuntunan na aking
iniutos sa iyo, walang pagsalang aking aagawin ang kaharian
sa iyo, at aking ibibigay sa iyong lingkod. 12 Gayon ma'y
sa iyong mga kaarawan ay hindi ko gagawin alangalang
kay David na iyong ama: kundi sa kamay ng iyong anak
aking aagawin. 13 Gayon ma'y hindi ko aagawin ang buong
kaharian; kundi ibibigay ko ang isang lipi sa iyong anak
alangalang kay David na aking lingkod, at alangalang sa
Jerusalem na aking pinili. 14 At ipinagbangon ng Panginoon,
si Salomon, ng isang kaaway na si Adad na Idumeo: siya'y
sa lahi ng hari sa Edom. 15 Sapagka't nangyari, nang si
David ay nasa Edom, at si Joab na puno ng hukbo ay
umahon upang ilibing ang mga patay, at masaktan ang
lahat na lalake sa Edom; 16 (Sapagka't si Joab at ang
buong Israel ay natira roong anim na buwan, hanggang
sa kaniyang naihiwalay ang lahat na lalake sa Edom; ) 17
Na si Adad ay tumakas, siya at ang ilan sa mga Idumeo
na kasama niya na mga bataan ng kaniyang ama, upang
pumasok sa Egipto, na si Adad noo'y munting bata pa.
18 At sila'y nagsitindig sa Madian, at naparoon sa Paran;
at sila'y nagsipagsama ng mga lalake sa Paran, at sila'y
nagsiparoon sa Egipto, kay Faraon na hari sa Egipto; na
siyang nagbigay sa kaniya ng bahay, at naghanda sa kaniya
ng pagkain, at nagbigay sa kaniya ng lupa. 19 At si Adad ay
nakasumpong ng malaking biyaya sa paningin ni Faraon, na
anopa't kaniyang ibinigay na asawa sa kaniya ang kapatid
ng kaniyang sariling asawa, ang kapatid ni Thaphenes na
reina. 20 At ipinanganak ng kapatid ni Thaphenes sa kaniya
si Genubath, na anak na lalake niya, na inihiwalay sa suso
ni Thaphenes sa bahay ni Faraon: at si Genubath ay nasa
bahay ni Faraon sa kasamahan ng mga anak ni Faraon.
21 At nang mabalitaan ni Adad sa Egipto na si David ay
natulog na kasama ng kaniyang mga magulang, at si Joab
na puno ng hukbo ay namatay, sinabi ni Adad kay Faraon,
Payaunin mo ako, upang ako'y makauwi sa aking sariling
lupain. 22 Sinabi nga ni Faraon sa kaniya, Datapuwa't anong
ipinagkukulang mo sa akin, na, narito, ikaw ay nagsisikap na
umuwi sa iyong sariling lupain? At siya'y sumagot: Wala:
gayon ma'y isinasamo ko sa iyo na payaunin mo ako sa
anomang paraan. 23 At ipinagbangon ng Dios si Salomon ng
ibang kaaway, na si Rezon na anak ni Eliada, na tumakas
sa kaniyang panginoong kay Adadezer na hari sa Soba: 24
At siya'y nagpisan ng mga lalake, at naging puno sa isang
hukbo, nang patayin ni David ang mga taga Soba; at sila'y
nagsiparoon sa Damasco, at tumahan doon, at naghari sa
Damasco. 25 At siya'y naging kaaway ng Israel sa lahat
ng kaarawan ni Salomon, bukod pa sa ligalig na ginawa ni
Adad: at kaniyang kinapootan ang Israel, at naghari sa Siria.
26 At si Jeroboam na anak ni Nabat, na Ephrateo sa Sereda,
na lingkod ni Salomon, na ang pangalan ng ina ay Serva, na
baong babae, ay nagtaas din ng kaniyang kamay laban sa
hari. 27 At ito ang kadahilanan ng kaniyang pagtataas ng
kaniyang kamay laban sa hari: itinayo ni Salomon ang Millo
at hinusay ang sira ng bayan ni David na kaniyang ama. 28
At ang lalaking si Jeroboam ay makapangyarihang lalake na
matapang: at nakita ni Salomon ang binata na masipag, at
kaniyang ipinagkatiwala sa kaniya ang lahat na gawain ng
sangbahayan ni Jose. 29 At nangyari, nang panahong yaon,
nang si Jeroboam ay lumabas sa Jerusalem, na nasalubong
siya sa daan ng propeta Ahias na Silonita; si Ahias nga ay
may suot na bagong kasuutan; at silang dalawa ay nag-iisa
sa parang. 30 At tinangnan ni Ahias ang bagong kasuutan
na nakasuot sa kaniya, at hinapak ng labing dalawang putol.
31 At kaniyang sinabi kay Jeroboam, Kunin mo sa iyo ang
sangpung putol: sapagka't ganito ang sabi ng Panginoon,
ng Dios ng Israel, Narito, aking aagawin ang kaharian sa
kamay ni Salomon, at ibibigay ko ang sangpung lipi sa iyo:
32 (Nguni't mapapasa kaniya ang isang lipi dahil sa aking
lingkod na si David, at dahil sa Jerusalem, na bayan na
aking pinili sa lahat ng mga lipi ng Israel: ) 33 Sapagka't
kanilang pinabayaan ako, at sinamba si Astaroth na diosa
ng mga Sidonio, si Chemos na dios ng Moab, at si Milcom
na dios ng mga anak ni Ammon; at sila'y hindi nagsilakad
sa aking mga daan upang gawin ang matuwid sa aking

paningin, at upang ingatan ang aking mga palatuntunan
at ang aking mga kahatulan, na gaya ng ginawa ni David
na kaniyang ama. 34 Gayon ma'y hindi ko kukunin ang
buong kaharian sa kaniyang kamay: kundi aking gagawin
siyang prinsipe sa lahat ng kaarawan ng kaniyang buhay,
dahil kay David na aking lingkod na aking pinili, sapagka't
kaniyang iningatan ang aking mga utos, at ang aking mga
palatuntunan: 35 Kundi aking kukunin ang kaharian sa kamay
ng kaniyang anak, at ibibigay ko sa iyo, sa makatuwid baga'y
ang sangpung lipi. 36 At sa kaniyang anak, ay ibibigay ko
ang isang lipi upang si David na aking lingkod ay magkaroon
ng ilawan magpakailan man sa harap ko sa Jerusalem, na
bayang aking pinili upang ilagay ang aking pangalan doon.
37 At kukunin kita, at ikaw ay maghahari ayon sa buong
ninanasa ng iyong kaluluwa, at magiging hari ka sa Israel.
38 At mangyayari, kung iyong didinggin ang lahat na aking
iniuutos sa iyo, at lalakad sa aking mga daan, at gagawin
ang matuwid sa aking paningin, upang tuparin ang aking
mga palatuntunan, at ang aking mga utos, gaya ng ginawa ni
David na aking lingkod; na ako'y sasa iyo, at ipagtatayo kita
ng isang tiwasay na sangbahayan, gaya ng aking itinayo kay
David, at ibibigay ko sa iyo ang Israel. 39 At dahil dito'y aking
pipighatiin ang binhi ni David, nguni't hindi magpakailan man.
40 Pinagsikapan nga ni Salomon na patayin si Jeroboam:
nguni't si Jeroboam ay tumindig, at tumakas na napasa
Egipto, kay Sisac, na hari sa Egipto, at dumoon sa Egipto
hanggang sa pagkamatay ni Salomon. 41 Ang iba nga sa
mga gawa ni Salomon, at ang lahat na kaniyang ginawa, at
ang kaniyang karunungan, hindi ba nasusulat sa aklat ng
mga gawa ni Salomon? 42 At ang panahon na ipinaghari ni
Salomon sa Jerusalem sa buong Israel ay apat na pung
taon. 43 At natulog si Salomon na kasama ng kaniyang mga
magulang, at nalibing sa bayan ni David na kaniyang ama:
at si Roboam, na kaniyang anak ay naghari na kahalili niya,

**12** At si Roboam ay naparoon sa Sichem: sapagka't ang
buong Israel ay naparoon sa Sichem upang gawin
siyang hari. 2 At nangyari, nang mabalitaan ni Jeroboam na
anak ni Nabat (sapagka't siya'y nasa Egipto pa, na doon
siya'y tumakas mula sa harapan ng haring Salomon, at
tumahan sa Egipto, 3 At sila'y nagsugo at ipinatawag nila
siya, ) si Jeroboam nga at ang buong kapisanan ng Israel ay
nagsiparoon, at nagsipagsalita kay Roboam, na sinasabi, 4
Pinabigat ng iyong ama ang atang sa amin: ngayon nga'y
pagaanin mo ang mabigat na paglilingkod sa iyong ama, at
ang mabigat niyang atang na iniatang niya sa amin, at kami
ay maglilingkod sa iyo. 5 At sinabi niya sa kanila, Kayo'y
magsiyaon pang tatlong araw, saka magsibalik kayo sa
akin. At ang bayan ay yumaon. 6 At ang haring Roboam ay
kumuhang payo sa mga matanda na nagsitayo sa harap ni
Salomon na kaniyang ama samantalang nabubuhay pa, na
sinasabi, Anong payo ang ibinibigay ninyo sa akin, upang
magbalik ng sagot sa bayang ito? 7 At nagsipagsalita sa
kaniya, na nagsipagsabi, Kung ikaw ay magiging lingkod
sa bayang ito sa araw na ito, at maglilingkod sa kanila, at
sasagot sa kanila, at magsasalita ng mabuting mga salita
sa kanila, ay iyo ngang magiging lingkod sila magpakailan
man. 8 Nguni't tinalikdan niya ang payo ng mga matanda na
kanilang ibinigay sa kaniya, at kumuhang payo sa mga binata
na nagsilaking kasabay niya, na nagsitayo sa harap niya. 9
At sinabi niya sa kanila, Anong payo ang ibinibigay ninyo,
upang maibalik nating sagot sa bayang ito, na nagsalita sa
akin, na nagsasabi, Pagaanin mo ang atang na iniatang ng
iyong ama sa amin? 10 At ang mga binata na nagsilaking
kasabay niya ay nagsipagsalita sa kaniya, na nagsisipagsabi,
Ganito ang iyong sasabihin sa bayang ito na nagsalita sa iyo,
na nagsasabi, Pinabigat ng iyong ama ang atang sa amin,
nguni't pagaanin mo sa amin; ganito ang iyong sasalitain
sa kanila, Ang aking kalingkingan ay makapal kay sa mga
balakang ng aking ama. 11 At yaman ngang inatangan kayo
ng aking ama ng mabigat na atang, ay aking dadagdagan
pa ang atang sa inyo: pinarusahan kayo ng aking ama ng
mga panghagupit; nguni't parurusahan ko kayo ng mga tila
alakdan. 12 Sa gayo'y naparoon si Jeroboam at ang buong
bayan kay Roboam sa ikatlong araw, gaya ng iniutos ng
hari, na sinasabi, Magsibalik kayo sa akin sa ikatlong araw.
13 At ang hari ay sumagot sa bayan na may katigasan, at
tinalikdan ang payo na ibinigay sa kaniya ng mga matanda;
14 At nagsalita sa kanila ayon sa payo ng mga binata, na
nagsasabi, Pinabigat ng aking ama ang atang sa inyo, nguni't
dadagdagan ko pa ang atang sa inyo: pinarusahan kayo
ng aking ama ng mga panghagupit, nguni't parurusahan
ko kayo ng mga tila alakdan. 15 Sa gayo'y hindi dininig ng
hari ang bayan; sapagka't bagay na buhat sa Panginoon
upang kaniyang itatag ang kaniyang salita, na sinalita ng
Panginoon sa pamamagitan ng kamay ni Ahias na Silonita
kay Jeroboam na anak ni Nabat. 16 At nang makita ng
buong Israel na hindi sila dininig ng hari, ay sumagot ang
bayan sa hari, na nagsasabi, Anong bahagi mayroon kami
kay David? at wala man kaming mana sa anak ni Isai: sa
iyong mga tolda, Oh Israel: ngayon ikaw ang bahala ng iyong
sariling sangbahayan, David. Sa gayo'y yumaon ang Israel
sa kanikaniyang tolda. 17 Nguni't tungkol sa mga anak ni
Israel na nagsitahan sa mga bayan ng Juda, ay pinagharian
sila ni Roboam. 18 Nang magkagayo'y sinugo ng haring
Roboam si Adoram na nasa pagpapaatag; at binato ng
buong Israel siya ng mga bato, na anopa't siya'y namatay.
At nagmadali ang haring Roboam na sumakay sa kaniyang
karo, upang tumakas sa Jerusalem. 19 Gayon nanghimagsik

ang Israel laban sa sangbahayan ni David, hanggang sa
araw na ito. 20 At nangyari, nang mabalitaan ng buong Israel
na si Jeroboam ay bumalik, na sila'y nagsugo at ipinatawag
siya sa kapisanan, at ginawa siyang hari sa buong Israel:
walang sumunod sa sangbahayan ni David, kundi ang lipi ni
Juda lamang. 21 At nang dumating si Roboam sa Jerusalem,
kaniyang pinisan ang buong sangbahayan ng Juda, at
ang lipi ni Benjamin, na isang daan at walong pung libo
na piling lalake, na mga mangdidigma, upang magsilaban
sa sangbahayan ng Israel, upang ibalik ang kaharian kay
Roboam na anak ni Salomon. 22 Nguni't ang salita ng Dios
ay dumating kay Semeias na lalake ng Dios, na nagsasabi,
23 Salitain mo kay Roboam na anak ni Salomon, na hari sa
Juda, at sa buong sangbahayan ng Juda, at ng Benjamin,
at sa nalabi sa bayan, na sabihin, 24 Ganito ang sabi ng
Panginoon, Kayo'y huwag magsisiahon o magsisilaban sa
inyong mga kapatid na mga anak ni Israel: bumalik ang
bawa't isa sa kaniyang bahay; sapagka't ang bagay na ito
ay mula sa akin. Sa gayo'y kanilang dininig ang salita ng
Panginoon, at sila'y nagsibalik at nagsiyaon, ayon sa salita
ng Panginoon. 25 Nang magkagayo'y itinayo ni Jeroboam
ang Sichem sa lupaing maburol ng Ephraim, at tumahan
doon; at siya'y umalis mula roon, at itinayo ang Penuel. 26
At sinabi ni Jeroboam sa kaniyang sarili, Ngayo'y mababalik
ang kaharian sa sangbahayan ni David: 27 Kung ang bayang
ito ay umahon upang maghandog ng mga hain sa bahay
ng Panginoon sa Jerusalem, ang puso nga ng bayang ito'y
mababalik sa kanilang panginoon, sa makatuwid baga'y
kay Roboam na hari sa Juda; at ako'y papatayin nila, at
mababalik kay Roboam na hari sa Juda. 28 Kaya't ang hari
ay kumuhang payo, at gumawa ng dalawang guyang ginto;
at sinabi niya sa kanila, Mahirap sa inyo na magsiahon sa
Jerusalem; tingnan mo ang iyong mga dios, Oh Israel, na
iniahon ka mula sa lupain ng Egipto. 29 At inilagay niya ang
isa sa Bethel, at ang isa'y inilagay sa Dan. 30 At ang bagay
na ito ay naging kasalanan: sapagka't ang bayan ay umahon
upang sumamba sa harap ng isa, hanggang sa Dan. 31 At
siya'y gumawa ng mga bahay sa mga mataas na dako, at
naghalal ng mga saserdote sa buong bayan, na hindi sa
mga anak ni Levi. 32 At si Jeroboam ay nagpadaos ng isang
kapistahan nang ikawalong buwan, sa ikalabing limang araw
ng buwan, gaya ng kapistahan sa Juda, at siya'y sumampa
sa dambana; gayon ang ginawa niya sa Beth-el, na kaniyang
hinahainan ang mga guya na kaniyang ginawa: at kaniyang
inilagay sa Beth-el ang mga saserdote sa mataas na dako,
na kaniyang mga inihalal. 33 At siya'y sumampa sa dambana
na kaniyang ginawa sa Beth-el nang ikalabing limang araw
ng ikawalong buwan, sa makatuwid baga'y sa buwan na
kaniyang inakala sa kaniyang puso: at kaniyang ipinadaos
ang isang kapistahan sa mga anak ni Israel, at sumampa sa
dambana upang magsunog ng kamangyan.

**13** At, narito, dumating ang isang lalake ng Dios na mula
sa Juda ayon sa salita ng Panginoon sa Beth-el: at
si Jeroboam ay nakatayo sa siping ng dambana upang
magsunog ng kamangyan. 2 At siya'y sumigaw laban sa
dambana ayon sa salita ng Panginoon, at nagsabi, Oh
dambana, dambana, ganito ang sabi ng Panginoon: Narito,
isang bata'y ipanganganak sa sangbahayan ni David na ang
pangalan ay Josias: at sa iyo'y ihahain ang mga saserdote
ng mga mataas na dako na nagsisipagsunog ng kamangyan
sa iyo, at mga buto ng mga tao ang kanilang susunugin sa
iyo. 3 At siya'y nagbigay ng tanda nang araw ding yaon, na
nagsasabi, Ito ang tanda na sinalita ng Panginoon: Narito,
ang dambana ay mababaak, at ang mga abo na nasa ibabaw
ay mabubuhos. 4 At nangyari, nang marinig ng hari ang sabi
ng lalake ng Dios, na kaniyang isinigaw laban sa dambana
sa Beth-el, na iniunat ni Jeroboam ang kaniyang kamay
mula sa dambana, na sinasabi, Hulihin siya. At ang kaniyang
kamay na kaniyang iniunat laban sa kaniya ay natuyo, na
anopa't hindi niya napanauli sa dati. 5 Ang dambana naman
ay nabaak, at ang mga abo ay nabuhos mula sa dambana,
ayon sa tanda na ibinigay ng lalake ng Dios ayon sa salita
ng Panginoon. 6 At ang hari ay sumagot, at nagsabi sa
lalake ng Dios, Isamo mo ngayon ang biyaya ng Panginoon
mong Dios, at idalangin mo ako, upang ang aking kamay ay
gumaling. At idinalangin ng lalake ng Dios sa Panginoon,
at ang kamay ng hari ay gumaling uli, at naging gaya ng
dati. 7 At sinabi ng hari sa lalake ng Dios, Umuwi kang
kasama ko, at kumain ka, at bibigyan kita ng kagantihan. 8
At sinabi ng lalake ng Dios sa hari, Kung ang ibibigay mo
sa akin ay kalahati ng iyong bahay ay hindi ako yayaong
kasama mo, o kakain man ako ng tinapay o iinom man
ako ng tubig sa dakong ito: 9 Sapagka't gayon ibinilin sa
akin sa pamamagitan ng salita ng Panginoon, na sinasabi,
Huwag kang kakain ng tinapay, o iinom man ng tubig, ni
babalik man sa daan na iyong pinanggalingan. 10 Sa gayo'y
yumaon siya sa ibang daan, at hindi na bumalik sa daan na
kaniyang pinanggalingan sa Beth-el. 11 Tumatahan nga ang
isang matandang propeta sa Beth-el; at isa sa kaniyang
mga anak ay naparoon, at isinaysay sa kaniya ang lahat ng
mga gawa na ginawa ng lalake ng Dios sa araw na yaon
sa Beth-el: ang mga salita na kaniyang sinalita sa hari, ay
siya ring isinaysay nila sa kanilang ama. 12 At sinabi ng
kanilang ama sa kanila, Saan siya napatungo? At itinuro sa
kaniya ng kaniyang mga anak ang daang pinatunguhan ng
lalake ng Dios na nanggaling sa Juda. 13 At sinabi niya sa
kaniyang mga anak, Siyahan ninyo sa akin ang asno. Sa
gayo'y kanilang siniyahan ang asno sa kaniya: at kaniyang

sinakyan. 14 At kaniyang sinundan ang lalake ng Dios,
at nasumpungan niyang nakaupo sa ilalim ng isang puno
ng encina: at sinabi niya sa kaniya, Ikaw ba ang lalake
ng Dios na nanggaling sa Juda? At sinabi niya, Ako nga.
15 Nang magkagayo'y sinabi niya sa kaniya, Umuwi kang
kasama ko, at kumain ng tinapay. 16 At sinabi niya, Hindi ako
makababalik na kasama mo, o makapapasok na kasama
mo: ni makakakain man ng tinapay o makaiinom man ng
tubig na kasalo mo sa dakong ito: 17 Sapagka't isinaysay sa
akin sa pamamagitan ng salita ng Panginoon. Huwag kang
kakain ng tinapay o iinom man ng tubig doon, o babalik man
na yumaon sa daan na iyong pinanggalingan. 18 At sinabi
niya sa kaniya, Ako man ay propeta na gaya mo; at isang
anghel ay nagsalita sa akin sa pamamagitan ng salita ng
Panginoon, na nagsasabi, Ibalik mo siya na kasama mo sa
iyong bahay, upang siya'y makakain ng tinapay at makainom
ng tubig. Nguni't siya'y nagbulaan sa kaniya. 19 Sa gayo'y
bumalik na kasama niya, at kumain ng tinapay sa kaniyang
bahay at uminom ng tubig. 20 At nangyari, samantalang
sila'y nauupo sa dulang, na ang salita ng Panginoon ay
dumating sa propeta na nagpabalik sa kaniya: 21 At siya'y
sumigaw sa lalake ng Dios na nanggaling sa Juda, na
sinasabi, Ganito ang sabi ng Panginoon: Sa paraang ikaw
ay naging manunuway sa bibig ng Panginoon, at hindi mo
iningatan ang utos na iniutos ng Panginoon sa iyo, 22
Kundi ikaw ay bumalik at kumain ng tinapay, at uminom
ng tubig sa dakong kaniyang pinagsabihan sa iyo: Huwag
kang kumain ng tinapay, at huwag kang uminom ng tubig;
ang iyong bangkay ay hindi darating sa libingan ng iyong
mga magulang. 23 At nangyari, pagkatapos na makakain ng
tinapay, at pagkatapos na makainom, na siniyahan niya ang
asno para sa kaniya, sa makatuwid baga'y, para sa propeta
na kaniyang pinabalik. 24 At nang siya'y makayaon, isang
leon ay nasalubong niya sa daan, at pinatay siya: at ang
kaniyang bangkay ay napahagis sa daan, at ang asno ay
nakatayo sa siping; ang leon naman ay nakatayo sa siping
ng bangkay. 25 At, narito, may mga taong nagsipagdaan, at
nakita ang bangkay na nakahagis sa daan, at ang leon ay
nakatayo sa siping ng bangkay: at sila'y yumaon at isinaysay
nila sa bayan na kinatatahanan ng matandang propeta. 26
At nang marinig ng propeta na nagpabalik sa kaniya sa
daan, sinabi niya: Lalake nga ng Dios, na naging masuwayin
sa bibig ng Panginoon, kaya't ibinigay siya ng Panginoon sa
leon, na lumapa sa kaniya at pumatay sa kaniya ayon sa
salita ng Panginoon, na sinalita sa kaniya. 27 At sinalita niya
sa kaniyang mga anak na sinasabi, Siyahan ninyo sa akin
ang asno. At kanilang siniyahan. 28 At siya'y yumaon, at
nasumpungan ang kaniyang bangkay na nakahagis sa daan,
at ang leon at ang asno ay nakatayo sa siping ng bangkay:
hindi nilamon ng leon ang bangkay, o nilapa man ang asno.
29 At kinuha ng propeta ang bangkay ng lalake ng Dios,
at ipinatong sa asno, at ibinalik: at naparoon sa bayan ng
matandang propeta, upang tumangis, at ilibing siya. 30 At
inilagay niya ang kaniyang bangkay sa kaniyang sariling
libingan; at kanilang tinangisan siya, na sinasabi, Ay kapatid
ko! 31 At nangyari, pagkatapos na kaniyang mailibing,
na siya'y nagsalita sa kaniyang mga anak, na sinasabi,
Pagka ako'y namatay, ilibing nga ninyo ako sa libingan na
pinaglibingan sa lalake ng Dios: ilagay ninyo ang aking mga
buto sa siping ng kaniyang mga buto. 32 Sapagka't ang
sabi na kaniyang isinigaw sa pamamagitan ng salita ng
Panginoon laban sa dambana sa Beth-el, at laban sa lahat
ng mga bahay sa mga mataas na dako na nangasa mga
bayan ng Samaria, ay walang pagsalang mangyayari. 33
Pagkatapos ng bagay na ito, si Jeroboam ay hindi tumalikod
sa kaniyang masamang lakad, kundi gumawa uli mula sa
buong bayan ng mga saserdote sa mga mataas na dako:
sinomang may ibig, kaniyang itinatalaga upang magkaroon
ng mga saserdote sa mga mataas na dako. 34 At ang bagay
na ito ay naging kasalanan sa sangbahayan ni Jeroboam,
kaya't inihiwalay at nilipol sa ibabaw ng lupa.

**14** Nang panahong yaon si Abias na anak ni Jeroboam
ay nagkasakit. 2 At sinabi ni Jeroboam sa kaniyang
asawa, Bumangon ka, isinasamo ko sa iyo at magpakunwari
kang iba upang huwag kang makilala na asawa ni Jeroboam;
at pumaroon ka sa Silo; narito, naroon si Ahias na propeta
na nagsalita tungkol sa akin, na ako'y magiging hari sa
bayang ito. 3 At magdala ka ng sangpung tinapay, at
mga munting tinapay, at isang bangang pulot, at paroon
ka sa kaniya: kaniyang sasaysayin sa iyo kung ano ang
mangyayari sa bata. 4 At ginawang gayon ng asawa ni
Jeroboam at bumangon, at naparoon sa Silo, at naparoon sa
bahay ni Ahias. Si Ahias nga ay di na makakita; sapagka't
ang kaniyang mga mata'y malabo na, dahil sa kaniyang
gulang. 5 At sinabi ng Panginoon kay Ahias, Narito, ang
asawa ni Jeroboam ay naparirito na tinatanong ka tungkol
sa kaniyang anak; sapagka't siya'y may sakit: ganito't ganito
ang iyong sasabihin sa kaniya: sapagka't mangyayari, pagka
siya'y pumasok, na siya'y magpapakunwari na ibang babae.
6 At nagkagayon, nang marinig ni Ahias ang ingay ng
kaniyang mga paa, pagpasok niya sa pintuan, na sinabi
niya, Pumasok ka, ikaw, na asawa ni Jeroboam; bakit ka
nagpapakunwaring iba? Sapagka't ako'y sinugo sa iyo na
may masamang balita. 7 Ikaw ay yumaon na saysayin mo
kay Jeroboam, Ganito ang sabi ng Panginoon, ng Dios ng
Israel, Yamang kita'y itinaas sa gitna ng bayan, at ginawa
kitang pangulo sa aking bayang Israel, 8 At inagaw ang
kaharian mula sa sangbahayan ni David, at ibinigay sa iyo:

at gayon ma'y ikaw ay hindi naging gaya ng lingkod kong si
David, na nagingat ng aking mga utos, at sumunod sa akin
ng kaniyang buong puso, upang gawin ang matuwid lamang
sa harap ng aking mga mata; **9** Kundi ikaw ay gumawa ng
masama na higit kay sa lahat ng nauna sa iyo, at ikaw ay
yumaon, at gumawa ka sa ganang iyo ng mga ibang dios, at
mga larawang binubo upang mungkahiin mo ako sa galit,
at inihagis mo ako sa iyong likuran; **10** Kaya't, narito ako'y
magdadala ng kasamaan sa sangbahayan ni Jeroboam,
at aking ihihiwalay kay Jeroboam ang bawa't lalake ang
nakukulong, at ang naiwan sa kaluwangan sa Israel, at
aking lubos na papalisin ang sangbahayan ni Jeroboam,
kung paanong pinapalis ng isang tao ang dumi, hanggang
sa mapaalis. **11** Ang mamatay kay Jeroboam sa bayan
ay kakanin ng mga aso; at ang mamatay sa parang ay
kakanin ng mga ibon sa himpapawid: sapagka't sinalita ng
Panginoon. **12** Tumindig ka nga, umuwi ka sa iyong bahay:
pagpasok ng iyong mga paa sa bayan ay mamamatay ang
bata. **13** At tatangisan siya ng buong Israel, at ililibing siya;
sapagka't siya lamang ang kay Jeroboam na darating sa
libingan: sapagka't siya'y kinasumpungan sa sangbahayan
ni Jeroboam, ng bagay na mabuti sa Panginoon, sa Dios ng
Israel. **14** Bukod dito'y magtitindig ang Panginoon ng isang
hari sa Israel, na siyang maghihiwalay ng sangbahayan ni
Jeroboam sa araw na yaon; nguni't ano? ngayon din. **15**
Sapagka't sasaktan ng Panginoon ang Israel ng gaya ng
isang tambo na gumagalaw sa tubig; at kaniyang bubunutin
ang Israel dito sa mabuting lupa na ibinigay sa kanilang mga
magulang, at pangangalatin sila sa dako roon ng ilog; dahil
sa kanilang ginawa ang kanilang mga Asera, na minungkahi
ang Panginoon sa galit. **16** At kaniyang pababayaan ang
Israel dahil sa mga kasalanan ni Jeroboam, na kaniyang
ipinagkasala, at ipinapagkasala sa Israel. **17** At ang asawa
ni Jeroboam ay tumindig, at yumaon, at naparoon sa Thirsa:
at pagpasok niya sa pasukan ng bahay, ang bata'y namatay.
**18** At inilibing siya ng buong Israel, at tinangisan siya; ayon
sa salita ng Panginoon na kaniyang sinalita sa pamamagitan
ng kaniyang lingkod na si Ahias na propeta. **19** At ang iba sa
mga gawa ni Jeroboam kung paanong siya'y nakidigma,
at kung paanong siya'y naghari, narito, nangasusulat sa
aklat ng mga alaala sa mga hari sa Israel. **20** At ang
mga araw na ipinaghari ni Jeroboam ay dalawang pu't
dalawang taon: at siya'y natulog na kasama ng kaniyang
mga magulang, at si Nadab na kaniyang anak ay naghari na
kahalili niya. **21** At si Roboam na anak ni Salomon ay naghari
sa Juda. Si Roboam ay apat na pu't isang taon nang siya'y
magpasimulang maghari, at siya'y naghari na labing pitong
taon sa Jerusalem, na bayan na pinili ng Panginoon sa lahat
ng mga lipi ng Israel, upang ilagay ang kaniyang pangalan
doon: at ang pangalan ng kaniyang ina ay Naama na
Ammonita. **22** At gumawa ang Juda ng masama sa paningin
ng Panginoon, at kanilang minungkahi siya sa paninibugho
sa pamamagitan ng kanilang mga kasalanan na kanilang
nagawa, na higit kay sa lahat na ginawa ng kanilang mga
magulang, **23** Sapagka't sila'y nagsipagtayo naman para sa
kanila ng mga mataas na dako, at ng mga haligi, at ng mga
Asera, sa bawa't mataas na burol, at sa ilalim ng bawa't
sariwang punong kahoy; **24** At nagkaroon din naman ng mga
sodomita ang lupain: sila'y nagsigawa ng ayon sa lahat na
karumaldumal ng mga bansa na pinalayas ng Panginoon sa
harap ng mga anak ng Israel. **25** At nangyari, nang ikalimang
taon ng haring Roboam, na si Sisac na hari sa Egipto ay
umahon laban sa Jerusalem: **26** At kaniyang dinala ang mga
kayamanan ng bahay ng Panginoon, at ang mga kayamanan
ng bahay ng hari; kaniya ngang dinalang lahat: at kaniyang
dinala ang lahat na kalasag na ginto na ginawa ni Salomon.
**27** At ang haring Roboam ay gumawa ng mga kalasag na
tanso na kahalili ng mga yaon, at ipinagkatiwala sa mga
kamay ng mga punong kawal na bantay, na nagiingat ng
pintuan ng bahay ng hari. **28** At nangyari, na pagka nanasok
ang hari sa bahay ng Panginoon, ay dinadala ng bantay,
at ibinabalik sa silid ng bantay. **29** Ang iba nga sa mga
gawa ni Roboam at ang lahat na bagay na kaniyang ginawa,
hindi ba nasusulat sa aklat ng mga alaala sa mga hari sa
Juda? **30** At nagkaroong palagi ng pagdidigmaan si Roboam
at si Jeroboam. **31** At si Roboam ay natulog na kasama
ng kaniyang mga magulang, at nalibing na kasama ng
kaniyang mga magulang sa bayan ni David: at ang pangalan
ng kaniyang ina ay Naama na Ammonita. At si Abiam na
kaniyang anak ay naghari na kahalili niya.

**15** Nang ikalabing walong taon nga ng haring Jeroboam,
na anak ni Nabat, ay nagpasimula si Abiam na maghari
sa Juda. **2** Tatlong taon siyang naghari sa Jerusalem, at ang
pangalan ng kaniyang ina ay Maacha na anak ni Abisalom.
**3** At siya'y lumakad sa lahat ng mga kasalanan ng kaniyang
ama na ginawa nito na una sa kaniya: at ang kaniyang puso
ay hindi sakdal sa Panginoon niyang Dios, na gaya ng puso
ni David na kaniyang magulang. **4** Gayon ma'y dahil kay
David ay binigyan siya ng Panginoon na kaniyang Dios ng
isang ilawan sa Jerusalem, upang itaas ang kaniyang anak
pagkamatay niya, at upang itatag sa Jerusalem: **5** Sapagka't
ginawa ni David ang matuwid sa harap ng mga mata ng
Panginoon, at hindi lumihis sa anomang bagay na iniutos
niya sa kaniya sa lahat ng kaarawan ng kaniyang buhay,
liban lamang sa bagay ni Uria na Hetheo. **6** Nagkaroon nga
ng pagdidigmaan si Roboam at si Jeroboam sa lahat ng
kaarawan ng kaniyang buhay. **7** At ang iba nga sa mga
gawa ni Abiam, at ang lahat niyang ginagawa, hindi ba

nasusulat sa aklat ng mga alaala sa mga hari sa Juda? At
nagkaroon ng pagdidigmaan si Abiam at si Jeroboam. 8 At
si Abiam ay natulog na kasama ng kaniyang mga magulang;
at inilibing nila siya sa bayan ni David: at si Asa na kaniyang
anak ay naghari na kahalili niya. 9 At nang ikadalawang
pung taon ni Jeroboam na hari sa Israel ay nagpasimula si
Asa na maghari sa Juda. 10 At apat na pu't isang taong
naghari siya sa Jerusalem: at ang pangalan ng kaniyang
ina ay Maacha, na anak ni Abisalom. 11 At ginawa ni Asa
ang matuwid sa harap ng mga mata ng Panginoon, gaya
ng ginawa ni David na kaniyang magulang. 12 At kaniyang
inalis ang mga Sodomita sa lupain, at inalis ang lahat ng
diosdiosan na ginawa ng kaniyang mga magulang. 13 At si
Maacha naman na kaniyang ina ay inalis niya sa pagkareina,
sapagka't gumawa ng karumaldumal na larawan na pinaka
Asera; at pinutol ni Asa ang kaniyang larawan, at sinunog sa
batis Cedron. 14 Nguni't ang matataas na dako ay hindi
inalis: gayon ma'y ang puso ni Asa ay sakdal sa Panginoon
sa lahat ng kaniyang kaarawan. 15 At kaniyang ipinasok
sa bahay ng Panginoon ang mga bagay na itinalaga ng
kaniyang ama, at ang mga bagay na itinalaga niya, pilak, at
ginto, at mga sisidlan. 16 At nagkaroon ng pagdidigmaan
si Asa at si Baasa na hari sa Israel sa lahat ng kanilang
kaarawan. 17 At si Baasa na hari sa Israel ay umahon
laban sa Juda, at itinayo ang Rama upang huwag niyang
matiis na sinoma'y lumabas o pumaroon kay Asa na hari
sa Juda. 18 Nang magkagayo'y kinuha ni Asa ang lahat
na pilak at ginto na naiwan sa mga kayamanan ng bahay
ng Panginoon, at sa mga kayamanan ng bahay ng hari, at
ibinigay sa kamay ng kaniyang mga lingkod: at ipinadala
ang mga yaon ng haring Asa kay Ben-adad na anak ni
Tabrimon, na anak ni Hezion, na hari sa Siria, na tumatahan
sa Damasco, na nagsasabi, 19 May pagkakasundo ako
at ikaw, ang aking ama at ang iyong ama: narito, aking
ipinadala sa iyo ang isang kaloob na pilak at ginto; ikaw ay
yumaon, sirain mo ang iyong pakikipagkasundo kay Baasa
na hari sa Israel, upang siya'y lumayas sa akin. 20 At dininig
ni Ben-adad ang haring Asa, at sinugo ang mga puno ng
kaniyang mga hukbo laban sa mga bayan ng Israel, at
sinaktan ang Ahion at ang Dan, at ang Abel-bethmaacha at
ang buong Cinneroth, sangpu ng buong lupain ng Nephtali.
21 At nangyari nang mabalitaan yaon ni Baasa, na iniwan
ang pagtatayo ng Rama, at tumahan sa Thirsa. 22 Nang
magkagayo'y itinanyag ng haring Asa ang buong Juda;
walang natangi: at kanilang inalis ang mga bato ng Rama, at
ang mga kahoy niyaon, na ipinagtayo ni Baasa; at itinayo ng
haring Asa sa pamamagitan niyaon ang Gabaa ng Benjamin
at ang Mizpa. 23 Ang iba nga sa lahat na gawa ni Asa, at sa
kaniyang buong kapangyarihan, at ang lahat niyang ginawa,
at ang mga bayan na kaniyang itinayo, di ba nasusulat
sa aklat ng mga alaala sa mga hari sa Juda? Nguni't
sa panahon ng kaniyang katandaan, siya'y nagkasakit sa
kaniyang mga paa. 24 At si Asa ay natulog na kasama ng
kaniyang mga magulang, at nalibing na kasama ng kaniyang
mga magulang sa bayan ni David na kaniyang magulang: at
si Josaphat na kaniyang anak ay naghari na kahalili niya.
25 At si Nadab na anak ni Jeroboam ay nagpasimulang
maghari sa Israel sa ikalawang taon ni Asa na hari sa Juda,
at siya'y naghari sa Israel na dalawang taon. 26 At siya'y
gumawa ng masama sa paningin ng Panginoon, at lumakad
ng lakad ng kaniyang ama, at sa kaniyang kasalanan na
kaniyang ipinapagkasala sa Israel. 27 At si Baasa na anak ni
Ahia, sa sangbahayan ni Issachar ay nagbanta laban sa
kaniya; at sinaktan siya ni Baasa sa Gibbethon, na nauukol
sa mga Filisteo; sapagka't kinukulong ni Nadab at ng buong
Israel ang Gibbethon. 28 Nang ikatlong taon nga ni Asa na
hari sa Juda, ay pinatay siya ni Baasa, at naghari na kahalili
niya. 29 At nangyari, na pagkapaging hari niya, sinaktan
niya ang buong sangbahayan ni Jeroboam, hindi siya nag-
iwan kay Jeroboam ng sinomang may hininga, hanggang sa
kaniyang nilipol siya, ayon sa sabi ng Panginoon na kaniyang
sinalita sa pamamagitan ng kaniyang lingkod na si Ahias na
Silonita: 30 Dahil sa mga kasalanan ni Jeroboam na kaniyang
ipinagkasala, at kaniyang ipinapagkasala sa Israel; dahil sa
kaniyang pamumungkahi na kaniyang iminungkahing galit sa
Panginoon, sa Dios ng Israel. 31 Ang iba nga sa mga gawa
ni Nadab, at ang lahat niyang ginawa, di ba nasusulat sa
aklat ng mga alaala sa mga hari sa Israel? 32 At nagkaroon
ng pagdidigmaan si Asa at si Baasa na hari sa Israel sa
lahat ng kanilang kaarawan. 33 Nang ikatlong taon ni Asa na
hari sa Juda, ay nagpasimulang maghari si Baasa na anak
ni Ahia sa buong Israel sa Thirsa, at naghari na dalawang
pu't apat na taon. 34 At siya'y gumawa ng masama sa
paningin ng Panginoon, at lumakad ng lakad ni Jeroboam,
at sa kaniyang kasalanan na ipinapagkasala sa Israel.

**16** At ang salita ng Panginoon ay, dumating kay Jehu
na anak ni Hanani, laban kay Baasa, na sinasabi, 2
Yamang itinaas kita mula sa alabok, at ginawa kitang pangulo
sa aking bayang Israel; at ikaw ay lumakad ng lakad ni
Jeroboam, at iyong pinapagkasala ang aking bayang Israel,
upang mungkahiin mo ako sa galit sa pamamagitan ng
kanilang mga kasalanan; 3 Narito, aking lubos na papalisin si
Baasa at ang kaniyang sangbahayan; at aking gagawin ang
iyong sangbahayan na gaya ng sangbahayan ni Jeroboam
na anak ni Nabat. 4 Ang mamatay kay Baasa sa bayan ay
kakanin ng mga aso; at ang mamatay sa kaniya sa parang
ay kakanin ng mga ibon sa himpapawid, 5 Ang iba nga
sa mga gawa ni Baasa, at ang kaniyang ginawa, at ang

kaniyang kapangyarihan, di ba nasusulat sa aklat ng mga
alaala sa mga hari sa Israel? 6 At natulog si Baasa na
kasama ng kaniyang mga magulang, at nalibing sa Thirsa;
at si Ela na kaniyang anak ay naghari na kahalili niya. 7 At
bukod dito'y, sa pamamagitan ng propetang si Jehu na anak
ni Hanani, ay dumating ang salita ng Panginoon laban kay
Baasa, at laban sa kaniyang sangbahayan, dahil sa lahat na
kasamaan na kaniyang ginawa sa paningin ng Panginoon,
upang mungkahiin siya sa galit sa pamamagitan ng gawa
ng kaniyang mga kamay, sa pagkagaya sa sangbahayan
ni Jeroboam, at sapagka't sinaktan din niya siya. 8 Nang
ikadalawang pu't anim na taon ni Asa na hari sa Juda ay
nagpasimula si Ela na anak ni Baasa na maghari sa Israel
sa Thirsa, at nagharing dalawang taon. 9 At ang kaniyang
lingkod na si Zimri, na punong kawal sa kalahati ng kaniyang
mga karo, ay nagbanta laban sa kaniya. Siya'y nasa Thirsa
nga, na nagiinom at lasing sa bahay ni Arsa, na siyang
katiwala sa sangbahayan sa Thirsa: 10 At pumasok si Zimri,
at sinaktan siya, at pinatay siya, nang ikadalawang pu't
pitong taon ni Asa na hari sa Juda, at naghari na kahalili
niya. 11 At nangyari, nang siya'y magpasimulang maghari,
pagupo niya sa kaniyang luklukan, ay kaniyang sinaktan
ang buong sangbahayan ni Baasa: hindi siya nagiwan ng
isa man lamang lalaking bata, kahit kamaganak niya, kahit
mga kaibigan niya. 12 Ganito nilipol ni Zimri ang buong
sangbahayan ni Baasa, ayon sa salita ng Panginoon, na
kaniyang sinalita laban kay Baasa, sa pamamagitan ni Jehu
na propeta, 13 Dahil sa lahat ng mga kasalanan ni Baasa,
at mga kasalanan ni Ela na kaniyang anak, na kanilang
ipinagkasala, at kanilang ipinapagkasala sa Israel, upang
mungkahiin sa galit ang Panginoon, ang Dios ng Israel sa
pamamagitan ng kanilang mga kalayawan. 14 Ang iba nga
sa mga gawa ni Ela, at ang lahat na kaniyang ginawa, di ba
nasusulat sa aklat ng mga alaala sa mga hari sa Israel? 15
Nang ikadalawang pu't pitong taon ni Asa na hari sa Juda, ay
naghari si Zimri na pitong araw sa Thirsa. Ang bayan nga ay
humantong laban sa Gibbethon na nauukol sa mga Filisteo.
16 At narinig ng bayan na nasa hantungan na sinabing
nagbanta si Zimri, at sinaktan ang hari: kaya't ginawang hari
sa Israel ng buong Israel si Omri na punong kawal ng hukbo
nang araw na yaon sa kampamento. 17 At si Omri ay umahon
mula sa Gibbethon, at ang buong Israel ay kasama niya, at
kanilang kinubkob ang Thirsa. 18 At nangyari, nang makita
ni Zimri na ang bayan ay nasakop, na siya'y naparoon sa
castilyo ng bahay ng hari, at sinunog ng apoy ang bahay na
kinaroroonan ng hari at siya'y namatay. 19 Dahil sa kaniyang
mga kasalanan na kaniyang ipinagkasala sa paggawa ng
masama sa paningin ng Panginoon sa paglakad sa lakad ni
Jeroboam, at sa kaniyang kasalanan na kaniyang ginawa,
upang papagkasalahin ang Israel. 20 Ang iba nga sa mga
gawa ni Zimri, at ang kaniyang panghihimagsik na kaniyang
ginawa, di ba nasusulat sa aklat ng mga alaala sa mga hari
sa Israel? 21 Nang magkagayo'y ang bayan ng Israel ay
nahati sa dalawa: ang kalahati ng bayan ay sumunod kay
Thibni na anak ni Gineth, upang gawin siyang hari; at ang
kalahati ay sumunod kay Omri. 22 Nguni't ang bayan na
sumunod kay Omri ay nanaig laban sa bayan na sumunod
kay Thibni na anak ni Gineth: sa gayo'y namatay si Thibni
at naghari si Omri. 23 Nang ikatatlong pu't isang taon ni
Asa na hari sa Juda ay nagpasimula si Omri na maghari sa
Israel, at naghari na labing dalawang taon: anim na taon
na naghari siya sa Thirsa. 24 At binili niya ang burol ng
Samaria kay Semer sa halagang dalawang talentong pilak;
at siya'y nagtayo sa burol, at tinawag ang pangalan ng
bayan na kaniyang itinayo, ayon sa pangalan ni Semer, na
may-ari ng burol, na Samaria. 25 At gumawa si Omri ng
masama sa paningin ng Panginoon, at gumawa ng masama
na higit kay sa lahat na nauna sa kaniya. 26 Sapagka't siya'y
lumakad sa buong lakad ni Jeroboam na anak ni Nabat,
at sa kaniyang mga kasalanan na ipinapagkasala niya sa
Israel, upang mungkahiin sa galit ang Panginoon, ang Dios
ng Israel sa pamamagitan ng kanilang mga kalayawan. 27
Ang iba nga sa mga gawa ni Omri na kaniyang ginawa,
at ang kapangyarihan niya na kaniyang ipinamalas, di ba
nasusulat sa mga aklat ng mga alaala sa mga hari sa Israel?
28 Sa gayo'y natulog si Omri na kasama ng kaniyang mga
magulang, at nalibing sa Samaria; at si Achab na kaniyang
anak ay naghari na kahalili niya. 29 At nang ikatatlong pu't
walong taon ni Asa na hari sa Juda, ay nagpasimula si
Achab na anak ni Omri na maghari sa Israel: at si Achab na
anak ni Omri ay naghari sa Israel sa Samaria na dalawang
pu't dalawang taon. 30 At si Achab na anak ni Omri ay
gumawa ng masama sa paningin ng Panginoon na higit kay
sa lahat na nauna sa kaniya. 31 At nangyari, na wari isang
magaang bagay sa kaniya na lumakad sa mga kasalanan
ni Jeroboam na anak ni Nabat, na siya'y nagasawa kay
Jezabel, na anak ni Ethbaal na hari ng mga Sidonio, at
yumaon at naglingkod kay Baal, at sumamba sa kaniya. 32
At kaniyang ipinagtayo ng dambana si Baal sa bahay ni Baal
na kaniyang itinayo sa Samaria. 33 At gumawa si Achab ng
Asera; at gumawa pa ng higit si Achab upang mungkahiin
ang Panginoon, ang Dios ng Israel, sa galit kay sa lahat
ng mga hari sa Israel na nauna sa kaniya. 34 Sa kaniyang
mga kaarawan itinayo ni Hiel na taga Beth-el ang Jerico:
siya'y naglagay ng talagang-baon sa pagkamatay ni Abiram
na kaniyang panganay, at itinayo ang mga pintuang-bayan
niyaon sa pagkamatay ng kaniyang bunsong anak na si

Segub; ayon sa salita ng Panginoon na kaniyang sinalita sa
pamamagitan ni Josue na anak ni Nun.

17 At si Elias na Thisbita, na sa mga nakikipamayan sa
Galaad, ay nagsabi kay Achab: Buhay ang Panginoon,
ang Dios ng Israel, na ako'y nakatayo sa harap niya hindi
magkakaroon ng hamog o ulan man sa mga taong ito,
kundi ayon sa aking salita. 2 At ang salita ng Panginoon
ay dumating sa kaniya, na nagsasabi, 3 Umalis ka rito, at
lumiko ka sa dakong silanganan, at magkubli ka sa tabi ng
batis Cherith na nasa tapat ng Jordan. 4 At mangyayari, na
ikaw ay iinom sa batis; at aking iniutos sa mga uwak na
pakanin ka roon. 5 Sa gayo'y naparoon siya at ginawa ang
ayon sa salita ng Panginoon: sapagka't siya'y pumaroon at
tumahan sa tabi ng batis Cherith, na nasa tapat ng Jordan.
6 At dinadalhan siya ng tinapay at laman ng mga uwak sa
umaga, at tinapay at laman sa hapon, at siya'y umiinom
sa batis. 7 At nangyari, pagkaraan ng sanggayon, na ang
batis ay natuyo, sapagka't walang ulan sa lupain. 8 At ang
salita ng Panginoon ay dumating sa kaniya, na sinasabi, 9
Ikaw ay bumangon, paroon ka sa Sarepta, na nauukol sa
Sidon, at tumahan ka roon: narito, aking inutusan ang isang
baong babae roon na pakanin ka. 10 Sa gayo'y bumangon
siya, at naparoon sa Sarepta; at nang siya'y dumating sa
pintuan ng bayan, narito, isang baong babae ay nandoon na
namumulot ng mga patpat: at tinawag niya siya, at sinabi,
Isinasamo ko sa iyo na dalhan mo ako ng kaunting tubig sa
inuman, upang aking mainom. 11 At nang siya'y yumayaon
upang kumuha, tinawag niya siya, at sinabi, Dalhan mo
ako, isinasamo ko sa iyo, ng isang subong tinapay sa iyong
kamay. 12 At kaniyang sinabi, Ang Panginoon mong Dios ay
buhay, ako'y wala kahit munting tinapay, kundi isang dakot
na harina sa gusi, at kaunting langis sa banga: at, narito,
ako'y namumulot ng dalawang patpat, upang ako'y pumasok,
at ihanda sa akin at sa aking anak, upang aming makain,
bago kami mamatay. 13 At sinabi ni Elias sa kaniya, Huwag
kang matakot; yumaon ka, at gawin mo ang iyong sinabi,
nguni't igawa mo muna ako ng munting tinapay, at ilabas mo
sa akin, at pagkatapos ay gumawa ka para sa iyo at para sa
iyong anak. 14 Sapagka't ganito ang sabi ng Panginoon, ng
Dios ng Israel, Ang gusi ng harina ay hindi makukulangan, o
ang banga ng langis man ay mababawasan hanggang sa
araw na magpaulan ang Panginoon sa ibabaw ng lupa. 15
At siya'y yumaon, at ginawa ang ayon sa sabi ni Elias: at
kumain ang babae, at siya, at ang kaniyang sangbahayan na
maraming araw. 16 Ang gusi ng harina ay hindi nakulangan,
o ang banga ng langis man ay nabawasan, ayon sa salita ng
Panginoon, na kaniyang sinalita sa pamamagitan ni Elias. 17
At nangyari, pagkatapos ng mga bagay na ito, na ang anak
na lalake ng babae, na may-ari ng bahay ay nagkasakit; at
ang kaniyang sakit ay malubha, na walang hiningang naiwan
sa kaniya. 18 At sinabi niya kay Elias, Ano ang ipakikialam
ko sa iyo, Oh ikaw na lalake ng Dios? ikaw ay naparito
sa akin upang ipaalala mo ang aking kasalanan, at upang
patayin ang aking anak! 19 At sinabi niya sa kaniya, Ibigay
mo sa akin ang iyong anak. At kinuha niya sa kaniyang
kandungan, at dinala sa silid na kaniyang tinatahanan, at
inihiga sa kaniyang sariling higaan. 20 At siya'y dumaing sa
Panginoon, at nagsabi, Oh Panginoon kong Dios, dinalhan
mo rin ba ng kasamaan ang bao na aking kinatutuluyan,
sa pagpatay sa kaniyang anak? 21 At siya'y umunat sa
bata na makaitlo, at dumaing sa Panginoon, at nagsabi,
Oh Panginoon kong Dios, idinadalangin ko sa iyo na iyong
pabalikin sa kaniya ang kaluluwa ng batang ito. 22 At dininig
ng Panginoon ang tinig ni Elias; at ang kaluluwa ng bata ay
bumalik sa kaniya, at siya'y muling nabuhay. 23 At kinuha ni
Elias ang bata, at ibinaba sa loob ng bahay na mula sa silid,
at ibinigay siya sa kaniyang ina: at sinabi ni Elias, Tingnan
mo, ang iyong anak ay buhay. 24 At sinabi ng babae kay
Elias, Ngayo'y talastas ko na ikaw ay lalake ng Dios, at ang
salita ng Panginoon sa iyong bibig ay katotohanan.

18 At nangyari, pagkaraan ng maraming araw, na ang
salita ng Panginoon ay dumating kay Elias, sa ikatlong
taon, na nagsasabi, Ikaw ay yumaon, pakita ka kay Achab;
at ako'y magpapaulan sa lupa. 2 At si Elias ay yumaon
napakita kay Achab. At ang kagutom ay malala sa Samaria.
3 At tinawag ni Achab si Abdias na siyang katiwala sa bahay.
(Si Abdias nga ay natatakot na mainam sa Panginoon:
4 Sapagka't nangyari, nang ihiwalay ni Jezabel ang mga
propeta ng Panginoon, na kumuha si Abdias ng isang daang
propeta, at ikinubli na limalimangpu sa isang yungib, at
pinakain sila ng tinapay at tubig, ) 5 At sinabi ni Achab
kay Abdias, Lakarin mo ang lupain, hanggang sa lahat ng
mga bukal ng tubig, at hanggang sa lahat ng mga batis:
marahil tayo'y makakasumpong ng damo, at maililigtas
nating buhay ang mga kabayo at mga mula upang huwag
tayong mawalan ng lahat na hayop. 6 Sa gayo'y pinaghati
nila ang lupain sa gitna nila upang lakarin: si Achab ay
lumakad ng kaniyang sarili sa isang daan, at si Abdias ay
lumakad ng kaniyang sarili sa isang daan. 7 At samantalang
si Abdias ay nasa daan, narito, nasalubong siya ni Elias:
at nakilala niya siya, at nagpatirapa, at nagsabi, Di ba
ikaw, ang panginoon kong si Elias? 8 At siya'y sumagot sa
kaniya, Ako nga: ikaw ay yumaon, saysayin mo sa iyong
panginoon, Narito, si Elias ay nandito. 9 At kaniyang sinabi,
Sa ano ako nagkasala na iyong ibibigay ang iyong lingkod
sa kamay ni Achab, upang patayin ako? 10 Buhay ang
Panginoon mong Dios, walang bansa o kaharian man na
hindi pinagpahanapan sa iyo ng aking panginoon: at pagka

kanilang sinasabi, Siya'y wala rito, kaniyang pinasusumpa
ang kaharian at bansa, na hindi kinasusumpungan sa iyo.
11 At ngayo'y iyong sinasabi, Ikaw ay yumaon, saysayin
mo sa iyong panginoon, Narito, si Elias ay nandito. 12 At
mangyayari, pagkahiwalay ko sa iyo na dadalhin ka ng
Espiritu ng Panginoon sa hindi ko nalalaman; na anopa't
pagka ako'y pumaroon at isinaysay ko kay Achab, at ikaw ay
hindi niya nasumpungan, papatayin niya ako: nguni't akong
iyong lingkod ay natatakot sa Panginoon mula sa aking
pagkabinata. 13 Hindi ba nasaysay sa aking panginoon,
kung ano ang aking ginawa nang patayin ni Jezabel ang
mga propeta ng Panginoon, kung paanong nagkubli ako ng
isang daan sa mga propeta ng Panginoon, na limalimangpu
sa isang yungib, at pinakain ko sila ng tinapay at tubig? 14
At ngayo'y iyong sinasabi, Ikaw ay yumaon, saysayin mo sa
iyong panginoon. Narito, si Elias ay nandito; at papatayin
niya ako. 15 At sinabi ni Elias, Buhay ang Panginoon ng
mga hukbo, na sa harap niya'y nakatayo ako, ako'y walang
salang pakikita sa kaniya ngayon. 16 Sa gayo'y yumaon si
Abdias upang salubungin si Achab, at sinaysay sa kaniya:
at si Achab ay yumaon upang salubungin si Elias. 17 At
nangyari, nang makita ni Achab si Elias, na sinabi ni Achab
sa kaniya, Di ba ikaw, ang mangbabagabag sa Israel? 18 At
siya'y sumagot, Hindi ko binagabag ang Israel; kundi ikaw, at
ang sangbahayan ng iyong ama, sa inyong pagkapabaya ng
mga utos ng Panginoon, at ikaw ay sumunod kay Baal. 19
Ngayon nga'y magsugo ka, at pisanin mo sa akin ang buong
Israel sa bundok ng Carmelo, at ang mga propeta ni Baal
na apat na raan at limangpu, at ang mga propeta ni Asera
na apat na raan, na nagsikain sa dulang ni Jezabel. 20 Sa
gayo'y nagsugo si Achab sa lahat ng mga anak ni Israel, at
pinisan ang mga propeta sa bundok ng Carmelo. 21 At si
Elias ay lumapit sa buong bayan, at nagsabi, Hanggang
kaylan kayo mangagaalinlangan sa dalawang isipan? kung
ang Panginoon ay Dios, sumunod kayo sa kaniya: nguni't
kung si Baal, sumunod nga kayo sa kaniya. At ang bayan
ay hindi sumagot sa kaniya kahit isang salita. 22 Nang
magkagayo'y sinabi ni Elias sa bayan, Ako, ako lamang, ang
naiwang propeta ng Panginoon; nguni't ang mga propeta
ni Baal ay apat na raan at limang pung lalake. 23 Bigyan
nga nila tayo ng dalawang baka; at pumili sila sa ganang
kanila ng isang baka, at katayin, at ilagay sa ibabaw ng
kahoy, at huwag lagyan ng apoy sa ilalim: at ihahanda ko
ang isang baka at ilalagay ko sa kahoy, at hindi ko lalagyan
ng apoy sa ilalim. 24 At tawagan ninyo ang pangalan ng
inyong dios, at tatawagan ko ang pangalan ng Panginoon: at
ang Dios na sumagot sa pamamagitan ng apoy, ay siyang
maging Dios. At ang buong bayan ay sumagot, at nagsabi,
Mabuti ang pagkasabi. 25 At sinabi ni Elias sa mga propeta
ni Baal, Magsipili kayo ng isang baka sa ganang inyo, at
inyong ihandang una, sapagka't kayo'y marami; at tawagan
ninyo ang pangalan ng inyong dios, nguni't huwag ninyong
lagyan ng apoy sa ilalim. 26 At kanilang kinuha ang baka
na ibinigay sa kanila, at kanilang inihanda, at tinawagan
ang pangalan ni Baal mula sa kinaumagahan hanggang sa
kinatanghaliang tapat, na nagsisipagsabi, Oh Baal dinggin
mo kami. Nguni't walang tinig, o sinomang sumagot. At
sila'y nagsisilukso sa siping ng dambana na ginawa. 27 At
nangyari, nang kinatanghaliang tapat, na biniro sila ni Elias,
at sinabi, Sumigaw kayo ng malakas: sapagka't siya'y dios;
siya nga'y nagmumunimuni, o nasa tabi, o nasa paglalakbay,
o marahil siya'y natutulog, at marapat gisingin. 28 At sila'y
nagsisigaw ng malakas, at sila'y nagsipagkudlit ayon sa
kanilang kaugalian ng sundang at mga sibat, hanggang
sa bumuluwak ang dugo sa kanila. 29 At nangyari nang
makaraan ang kinatanghaliang tapat, na sila'y nanghula
hanggang sa oras ng paghahandog ng alay na ukol sa
hapon: nguni't wala kahit tinig, ni sinomang sumagot, ni
sinomang makinig. 30 At sinabi ni Elias sa buong bayan,
Lumapit kayo sa akin; at ang buong bayan ay lumapit sa
kaniya. At kaniyang inayos ang dambana ng Panginoon na
nabagsak. 31 At kumuha si Elias ng labing dalawang bato,
ayon sa bilang ng mga lipi ng mga anak ni Jacob, na sa
kaniya ang salita ng Panginoon ay dumating, na sinasabi,
Israel ang magiging iyong pangalan. 32 At sa pamamagitan
ng mga bato ay kaniyang itinayo ang dambana sa pangalan
ng Panginoon; at kaniyang nilagyan ng hukay sa palibot
ng dambana, na ang laki ay kasisidlan ng dalawang takal
na binhi. 33 At kaniyang inilagay ang kahoy na maayos, at
kinatay ang baka at ipinatong sa kahoy. At kaniyang sinabi,
Punuin ninyo ang apat na tapayan ng tubig, at ibuhos ninyo
sa handog na susunugin, at sa kahoy. 34 At kaniyang sinabi,
Gawin ninyong ikalawa; at kanilang ginawang ikalawa. At
kaniyang sinabi, Gawin ninyong ikaitlo; at kanilang ginawang
ikaitlo. 35 At ang tubig ay umagos sa palibot ng dambana; at
kaniyang pinuno naman ng tubig ang hukay. 36 At nangyari,
sa oras ng paghahandog ng alay sa hapon, na si Elias, na
propeta ay lumapit, at nagsabi, Oh Panginoon, na Dios ni
Abraham, ni Isaac, at ni Israel, pakilala ka sa araw na ito, na
ikaw ay Dios sa Israel, at ako ang iyong lingkod, at aking
ginawa ang lahat na bagay na ito sa iyong salita. 37 Dinggin
mo ako, Oh Panginoon, dinggin mo ako, upang matalastas
ng bayang ito, na ikaw, na Panginoon, ay Dios, at iyong
pinapanumbalik ang kanilang puso. 38 Nang magkagayo'y
ang apoy ng Panginoon ay nalaglag, at sinupok ang handog
na susunugin at ang kahoy, at ang mga bato, at ang alabok,
at hinimuran ang tubig na nasa hukay. 39 At nang makita
ng buong bayan, sila'y nagpatirapa: at kanilang sinabi,

Ang Panginoon ay siyang Dios; ang Panginoon ay siyang
Dios. **40** At sinabi ni Elias sa kanila, Dakpin ninyo ang mga
propeta ni Baal; huwag makatanan ang sinoman sa kanila.
At kanilang dinakip sila: at sila'y ibinaba ni Elias sa batis
ng Cison, at pinatay roon. **41** At sinabi ni Elias kay Achab,
Ikaw ay umahon, kumain ka at uminom ka; sapagka't may
hugong ng kasaganaan ng ulan. **42** Sa gayo'y umahon si
Achab upang kumain at uminom. At si Elias ay umahon sa
taluktok ng Carmelo; at siya'y yumukod sa lupa, at inilagay
ang kaniyang mukha sa pagitan ng kaniyang mga tuhod. **43**
At kaniyang sinabi sa kaniyang lingkod, Umahon ka ngayon,
tumingin ka sa dakong dagat. At siya'y umahon at tumingin,
at nagsabi, Walang anomang bagay. At kaniyang sinabi,
Yumaon ka uling makapito. **44** At nangyari, sa ikapito, na
kaniyang sinabi, Narito, may bumangong isang ulap sa
dagat, na kasingliit ng kamay ng isang lalake. At kaniyang
sinabi, Ikaw ay yumaon, sabihin mo kay Achab, Ihanda
mo ang iyong karo, at ikaw ay lumusong baka ka mapigil
ng ulan. **45** At nangyari, pagkaraan ng sangdali, na ang
langit ay nagdilim sa alapaap at hangin, at nagkaroon ng
malakas na ulan. At si Achab ay sumakay, at naparoon
sa Jezreel. **46** At ang kamay ng Panginoon ay nasa kay
Elias; at kaniyang binigkisan ang kaniyang mga balakang, at
tumakbong nagpauna kay Achab sa pasukan ng Jezreel.

**19** At sinaysay ni Achab kay Jezabel ang lahat na ginawa
ni Elias, at kung paanong kaniyang pinatay ng tabak
ang lahat ng mga propeta. **2** Nang magkagayo'y nagsugo si
Jezabel ng sugo kay Elias, na nagsasabi, Ganito ang gawin
sa akin ng mga dios, at lalo na, kung hindi ko gawin ang
buhay mo na gaya ng buhay ng isa sa kanila kinabukasan sa
may ganitong panahon. **3** At nang makita niya ay bumangon
siya, at yumaon dahil sa kaniyang buhay, at naparoon sa
Beerseba, na nauukol sa Juda, at iniwan ang kaniyang
lingkod doon. **4** Nguni't siya'y lumakad ng paglalakbay na
isang araw sa ilang at naparoon, at umupo sa ilalim ng
isang punong kahoy na enebro: at siya'y humiling sa ganang
kaniya na siya'y mamatay sana, at nagsabi, Sukat na;
ngayon, Oh Panginoon kunin mo ang aking buhay; sapagka't
hindi ako mabuti kay sa aking mga magulang. **5** At siya'y
nahiga at natulog sa ilalim ng punong kahoy na enebro; at,
narito, kinalabit siya ng isang anghel, at sinabi sa kaniya,
Ikaw ay gumising at kumain. **6** At siya'y tumingin, at, narito,
na sa kaniyang ulunan ang isang munting tinapay na luto sa
baga, at isang sarong tubig. At siya'y kumain at uminom, at
nahiga uli. **7** At ang anghel ng Panginoon ay nagbalik na
ikalawa, at kinalabit siya, at sinabi, Ikaw ay bumangon at
kumain; sapagka't ang paglalakbay ay totoong malayo sa
ganang iyo. **8** At siya'y bumangon, at kumain, at uminom, at
siya'y yumaon sa lakas ng pagkaing yaon, na apat na pung
araw at apat na pung gabi hanggang sa Horeb sa bundok ng
Dios. **9** At siya'y naparoon sa isang yungib, at tumuloy roon:
at, narito, ang salita ng Panginoon ay dumating sa kaniya,
at sinabi niya sa kaniya, Ano ang ginagawa mo rito Elias?
**10** At sinabi niya, Ako'y naging totoong marubdob dahil sa
Panginoon, sa Dios ng mga hukbo; sapagka't pinabayaan
ng mga anak ni Israel ang iyong tipan, ibinagsak ang iyong
mga dambana, at pinatay ng tabak ang iyong mga propeta:
at ako, ako lamang, ang naiwan; at kanilang pinaguusig
ang aking buhay, upang kitlin. **11** At kaniyang sinabi, Ikaw
ay yumaon, at tumayo ka sa ibabaw ng bundok sa harap
ng Panginoon. At, narito, ang Panginoon ay nagdaan, at
bumuka ang mga bundok sa pamamagitan ng isang malaki
at malakas na hangin, at pinagputolputol ang mga bato sa
harap ng Panginoon; nguni't ang Panginoon ay wala sa
hangin: at pagkatapos ng hangin ay isang lindol; nguni't
ang Panginoon ay wala sa lindol: **12** At pagkatapos ng
lindol ay apoy; nguni't ang Panginoon ay wala sa apoy: at
pagkatapos ng apoy ay isang marahang bulong na tinig. **13**
At nangyari, nang marinig ni Elias, ay tinakpan niya ang
kaniyang mukha ng kaniyang balabal, at lumabas, at tumayo
sa pasukan sa yungib. At, narito, dumating ang isang tinig
sa kaniya, at nagsabi, Ano ang ginagawa mo rito Elias? **14**
At kaniyang sinabi, Ako'y naging totoong marubdob dahil sa
Panginoon, sa Dios ng mga hukbo: sapagka't pinabayaan
ng mga anak ni Israel ang iyong tipan, ibinagsak ang iyong
mga dambana, at pinatay ng tabak ang iyong mga propeta;
at ako, ako lamang, ang naiwan; at kanilang pinaguusig
ang buhay ko, upang kitlin. **15** At sinabi ng Panginoon sa
kaniya, Ikaw ay yumaon, bumalik ka sa iyong lakad sa ilang
ng Damasco: at pagdating mo, ay iyong pahiran ng langis si
Hazael upang maging hari sa Siria. **16** At si Jehu na anak ni
Nimsi ay iyong papahiran ng langis upang maging hari sa
Israel: at si Eliseo na anak ni Saphat sa Abel-mehula ay
iyong papahiran ng langis upang maging propeta na kahalili
mo. **17** At mangyayari na ang makatanan sa tabak ni Hazael
ay papatayin ni Jehu: at ang makatanan sa tabak ni Jehu ay
papatayin ni Eliseo. **18** Gayon ma'y iiwan ko'y pitong libo sa
Israel, lahat na tuhod na hindi nagsiluhod kay Baal, at lahat
ng bibig na hindi nagsihalik sa kaniya. **19** Sa gayo'y umalis
siya roon at nasumpungan niya si Eliseo na anak ni Saphat,
na nag-aararo, na may labing dalawang parehang baka
sa unahan niya, at siya'y kasabay ng ikalabing dalawa: at
dinaanan siya ni Elias at inihagis sa kaniya ang balabal niya.
**20** At kaniyang iniwan ang mga baka, at tumakbong sinundan
si Elias, at sinabi, Isinasamo ko sa iyo na pahagkan mo
sa akin ang aking ama at aking ina, at susunod nga ako
sa iyo. At sinabi niya sa kaniya, Bumalik ka uli; sapagka't
ano ang ginawa ko sa iyo? **21** At siya'y bumalik na mula sa

pagsunod sa kaniya, at kinuha ang parehang mga baka, at
pinatay ang mga yaon, at inilaga ang laman ng mga yaon sa
pamamagitan ng mga kasangkapan ng mga baka, at ibinigay
sa bayan, at kanilang kinain. Nang magkagayo'y tumindig
siya, at sumunod kay Elias, at naglingkod sa kaniya.

**20** At pinisan ni Ben-adad na hari sa Siria ang buong
hukbo niya: at may tatlong pu't dalawang hari na
kasama siya, at mga kabayo, at mga karo: at siya'y umahon
at kinubkob ang Samaria, at nilabanan yaon. **2** At siya'y
nagsugo ng mga sugo kay Achab na hari sa Israel, sa loob
ng bayan, at sinabi niya sa kaniya, Ganito ang sabi ni Ben-
adad, **3** Ang iyong pilak at ang iyong ginto ay akin: pati ng
iyong mga asawa at ng iyong mga anak, ang mga pinaka
mahusay, ay akin. **4** At ang hari ng Israel ay sumagot, at
nagsabi, Ayon sa iyong sabi, panginoon ko, Oh hari; ako'y
iyo, at lahat ng aking tinatangkilik. **5** At ang mga sugo ay
bumalik, at nagsabi, Ganito ang sinasalita ni Ben-adad na
sinasabi, Ako'y tunay na nagsugo sa iyo, na nagpapasabi,
Iyong ibibigay sa akin ang iyong pilak, at ang iyong ginto, at
ang iyong mga asawa, at ang iyong mga anak; **6** Nguni't
susuguin ko sa iyo kinabukasan ang aking mga lingkod;
sa may ganitong panahon, at kanilang sasaliksikin ang
iyong bahay, at ang mga bahay ng iyong mga lingkod, at
mangyayari, na anomang maligaya sa harap ng iyong mga
mata ay hahawakan nila ng kanilang kamay, at dadalhin.
**7** Nang magkagayo'y tinawag ng hari ng Israel ang lahat
na matanda sa lupain, at sinabi, Isinasamo ko sa inyo
na inyong tandaan at tingnan kung paanong ang taong
ito'y humahanap ng pakikipagkaalit: sapagka't kaniyang
ipinagbilin ang aking mga asawa, at aking mga anak, at
aking pilak, at aking ginto; at hindi ko ipinahindi sa kaniya. **8**
At sinabi sa kaniya ng lahat na matanda at ng buong bayan,
Huwag mong dinggin, o tulutan man. **9** Kaya't kaniyang
sinabi sa mga sugo ni Ben-adad, Saysayin ninyo sa aking
panginoon na hari, Ang lahat na iyong ipinasugo sa iyong
lingkod ng una ay aking gagawin: nguni't ang bagay na ito
ay hindi ko magagawa. At ang mga sugo ay nagsialis at
nagsipagbalik ng salita sa kaniya. **10** At si Ben-adad ay
nagsugo sa kaniya, at nagsabi, Gawing gayon ng mga dios
sa akin, at lalo na kung ang alabok sa Samaria ay magiging
sukat na dakutin ng buong bayan na sumusunod sa akin. **11**
At ang hari sa Israel ay sumagot, at nagsabi, Saysayin ninyo
sa kaniya na huwag maghambog ang nagbibigkis ng sakbat
na gaya ng naghuhubad. **12** At nangyari, nang marinig ni
Ben-adad ang pasugong ito, sa paraang siya'y umiinom,
siya, at ang mga hari sa mga kulandong, na kaniyang
sinabi sa kaniyang mga lingkod, Magsihanay kayo. At sila'y
nagsihanay laban sa bayan. **13** At, narito, isang propeta ay
lumapit kay Achab na hari sa Israel, at nagsabi, Ganito ang
sabi ng Panginoon, Nakita mo ba ang lubhang karamihang
ito? narito, aking ibibigay sa iyong kamay sa araw na ito;
at iyong makikilala na ako ang Panginoon. **14** At sinabi ni
Achab, Sa pamamagitan nino? At kaniyang sinabi, Ganito
ang sabi ng Panginoon, Sa pamamagitan ng mga bataan ng
mga prinsipe sa mga lalawigan. Nang magkagayo'y sinabi
niya, Sino ang magpapasimula ng pagbabaka? At siya'y
sumagot, Ikaw. **15** Nang magkagayo'y kaniyang hinusay
ang mga bataan ng mga prinsipe sa mga lalawigan, at
sila'y dalawang daan at tatlong pu't dalawa; at pagkatapos
ay kaniyang pinisan ang buong bayan, ang lahat ng mga
anak ni Israel, na may pitong libo. **16** At sila'y nagsialis ng
katanghaliang tapat. Nguni't si Ben-adad ay umiinom na
lango sa mga kulandong, siya, at ang mga hari, na tatlong
pu't dalawang hari na nagsisitulong sa kaniya. **17** At ang mga
bataan ng mga prinsipe sa mga lalawigan ay nagsilabas
na una; at si Ben-adad ay nagsugo, at isinaysay nila sa
kaniya, na sinabi, May mga taong nagsilabas na mula sa
Samaria. **18** At kaniyang sinabi, Maging sila'y magsilabas
sa ikapapayapa, ay hulihin ninyong buhay; o maging sila'y
magsilabas sa pakikidigma, ay hulihin ninyong buhay. **19** Sa
gayo'y ang mga ito ay lumabas sa bayan, ang mga bataan ng
mga prinsipe sa mga lalawigan, at ang hukbong sumusunod
sa kanila. **20** At pinatay ng bawa't isa ang kanikaniyang
kalabang lalake; at ang mga taga Siria ay nagsitakas, at
hinabol sila ng Israel; at si Ben-adad na hari sa Siria ay
tumakas na nakasakay sa isang kabayo na kasama ng
mga mangangabayo. **21** At ang hari sa Israel ay lumabas,
at sinaktan ang mga kabayo at mga karo, at pinatay ang
mga taga Siria ng malaking pagpatay. **22** At ang propeta
ay lumapit sa hari sa Israel, at nagsabi sa kaniya, Ikaw ay
yumaon, magpakalakas ka, at iyong tandaan, at tingnan mo
kung ano ang iyong ginagawa; sapagka't sa pagpihit ng taon
ay aahon ang hari sa Siria laban sa iyo. **23** At sinabi ng
mga lingkod ng hari sa Siria sa kaniya, Ang kanilang dios ay
dios sa mga burol; kaya't sila'y nagsipanaig sa atin: nguni't
magsilaban tayo laban sa kanila sa kapatagan, at walang
pagsalang tayo'y magiging lalong malakas kay sa kanila. **24**
At gawin mo ang bagay na ito; alisin mo ang mga hari sa
kanikaniyang kalagayan, at maglagay ka ng mga punong
kawal na kahalili nila: **25** At bumilang ka sa iyo ng isang
hukbo, na gaya ng hukbo na iyong ipinahamak, kabayo kung
kabayo, at karo kung karo: at tayo'y magsisilaban sa kanila
sa kapatagan, at walang pagsalang tayo'y magiging lalong
malakas kay sa kanila. At kaniyang dininig ang kanilang tinig
at ginawang gayon. **26** At nangyari, sa pagpihit ng taon, na
hinusay ni Ben-adad ang mga taga Siria at umahon sa Aphec
upang lumaban sa Israel. **27** At ang mga anak ng Israel ay
nangaghusay rin, at nangagbaon, at nagsiyaon laban sa

kanila: at ang mga anak ng Israel ay humantong sa harap
nila na wari dalawang munting kawang anak ng kambing;
nguni't linaganapan ng mga taga Siria ang lupain. **28** At
isang lalake ng Dios ay lumapit at nagsalita sa hari ng Israel
at nagsabi, Ganito ang sabi ng Panginoon, Sapagka't sinabi
ng mga taga Siria, Ang Panginoon ay dios sa mga burol,
nguni't hindi siya dios sa mga libis: kaya't aking ibibigay ang
buong malaking karamihang ito sa iyong kamay, at inyong
malalaman na ako ang Panginoon. **29** At sila'y humantong
na ang isa ay tapat sa isa na pitong araw. At nagkagayon,
nang sa ikapitong araw, ay sinimulan ang pagbabaka; at
ang mga anak ni Israel ay nagsipatay sa mga taga Siria ng
isang daang libong nangaglalakad sa isang araw. **30** Nguni't
ang nangatira ay nagsitakas sa Aphec sa loob ng bayan; at
ang kuta ay nabuwal sa dalawang pu't pitong libong lalake
na nangatira. At si Ben-adad ay tumakas at pumasok sa
bayan, sa isang silid na pinakaloob. **31** At sinabi ng kaniyang
mga lingkod sa kaniya, Narito, ngayon, aming narinig na
ang mga hari sa sangbahayan ng Israel ay maawaing mga
hari: isinasamo namin sa iyo na kami ay papagbigkisin ng
magaspang na kayo sa aming mga balakang, at mga lubid
sa aming mga leeg at labasin namin ang hari ng Israel:
marahil, kaniyang ililigtas ang iyong buhay. **32** Sa gayo'y
nagsipagbigkis sila ng magaspang na kayo sa kanilang mga
balakang, at mga lubid sa kanilang mga leeg, at nagsiparoon
sa hari ng Israel, at nagsipagsabi, Sinasabi ng iyong lingkod
na si Ben-adad, Isinasamo ko sa iyo, na tulutan mong ako'y
mabuhay. At sinabi niya, Siya ba'y buhay pa? siya'y aking
kapatid. **33** Minatyagan ngang maingat ng mga lalake, at
nagsipagmadaling hinuli kung sa ano nandoon ang kaniyang
pagiisip: at kanilang sinabi, Ang iyong kapatid na si Ben-
adad. Nang magkagayo'y sinabi niya, Kayo'y magsiyaon,
dalhin ninyo siya sa akin. Nang magkagayo'y nilabas siya ni
Ben-adad; at kaniyang pinasampa sa karo. **34** At sinabi ni
Ben-adad sa kaniya, Ang mga bayan na sinakop ng aking
ama sa iyong ama ay aking isasauli; at ikaw ay gagawa
sa ganang iyo ng mga lansangan sa Damasco, gaya ng
ginawa ng aking ama sa Samaria. At ako, sabi ni Achab,
payayaunin kita sa tipang ito. Sa gayo'y nakipagtipan siya sa
kaniya, at pinayaon niya siya. **35** At isang lalake sa mga
anak ng mga propeta ay nagsabi sa kaniyang kasama sa
pamamagitan ng salita ng Panginoon, Isinasamo ko sa iyo
na saktan mo ako. At tumanggi ang lalake na saktan niya.
**36** Nang magkagayo'y sinabi niya sa kaniya, Sapagka't hindi
mo sinunod ang tinig ng Panginoon, narito, pagkahiwalay mo
sa akin, ay papatayin ka ng isang leon. At pagkahiwalay niya
sa kaniya, ay nasumpungan siya ng isang leon, at pinatay
siya. **37** Nang magkagayo'y nakasumpong siya ng isang
lalake, at nagsabi, Isinasamo ko sa iyo na saktan mo ako. At
sinaktan siya ng lalake, na sinaktan at sinugatan siya. **38** Sa
gayo'y umalis ang propeta at hinintay ang hari sa daan, at
nagpakunwari na may isang piring sa kaniyang mga mata.
**39** At pagdadaan ng hari ay kaniyang sinigawan ang hari: at
kaniyang sinabi, Ang iyong lingkod ay lumabas sa gitna ng
pagbabaka; at, narito, isang lalake ay lumihis, at nagdala ng
isang lalake sa akin, at nagsabi, Ingatan mo ang lalaking ito:
kung sa anomang paraan ay makatanan siya, ang iyo ngang
buhay ang mapapalit sa kaniyang buhay, o magbabayad
ka kaya ng isang talentong pilak. **40** At sa paraang ang
iyong lingkod ay may ginagawa rito at doon, siya'y nakaalis.
At sinabi ng hari ng Israel sa kaniya, Magiging ganyan
ang iyong kahatulan: ikaw rin ang magpasiya. **41** At siya'y
nagmadali, at inalis niya ang piring sa kaniyang mga mata; at
nakilala siya ng hari ng Israel na siya'y isa sa mga propeta.
**42** At sinabi niya sa kaniya, Ganito ang sabi ng Panginoon,
Sapagka't iyong pinabayaang makatanan sa iyong kamay
ang lalake na aking itinalaga sa kamatayan, ang iyo ngang
buhay ay papanaw na kapalit ng kaniyang buhay, at ang
iyong bayan ng kaniyang bayan. **43** At ang hari ng Israel ay
umuwi sa kaniyang bahay na yamot at lunos at, naparoon
sa Samaria.

**21** At nangyari, pagkatapos ng mga bagay na ito, na si
Naboth na Jezreelita ay mayroong isang ubasan na
nasa Jezreel, na malapit sa bahay ni Achab na hari ng
Samaria. **2** At sinalita ni Achab kay Naboth, na sinabi, Ibigay
mo sa akin ang iyong ubasan, upang aking tangkilikin na
pinaka halamanang pananim, sapagka't malapit sa aking
bahay; at aking ipapalit sa iyo na kahalili niyaon ang isang
mainam na ubasan kay sa roon; o kung inaakala mong
mabuti, aking ibibigay sa iyo ang halaga niyaon na salapi. **3**
At sinabi ni Naboth kay Achab, Huwag itulot ng Panginoon
sa akin, na aking ibigay ang mana sa aking mga magulang
sa iyo. **4** At pumasok si Achab sa kaniyang bahay na yamot
at lunos dahil sa salita na sinalita ni Naboth na Jezreelita
sa kaniya: sapagka't kaniyang sinabi, Hindi ko ibibigay sa
iyo ang mana sa aking mga magulang. At siya'y nahiga sa
kaniyang higaan, at ipinihit ang kaniyang mukha, at ayaw
kumain ng tinapay. **5** Nguni't si Jezabel na kaniyang asawa
ay naparoon sa kaniya, at nagsabi sa kaniya, Bakit ang
iyong diwa ay totoong malungkot na hindi ka kumakain ng
tinapay? **6** At sinabi niya sa kaniya, Sapagka't nagsalita ako
kay Naboth na Jezreelita, at nagsabi sa kaniya, Ibigay mo
sa akin ang iyong ubasan sa kahalagahang salapi; o kung
dili, kung iyong minamabuti, papalitan ko sa iyo ng ibang
ubasan: at siya'y sumagot, Hindi ko ibibigay sa iyo ang aking
ubasan. **7** At sinabi ni Jezabel na kaniyang asawa sa kaniya,
Ikaw ba ngayon ang namamahala sa kaharian ng Israel?
ikaw ay bumangon, at kumain ng tinapay, at pasayahin mo

ang iyong puso: aking ibibigay sa iyo ang ubasan ni Naboth
na Jezreelita. 8 Sa gayo'y sumulat siya ng mga sulat sa
pangalan ni Achab, at pinagtatakan ng kaniyang tatak; at
ipinadala ang mga sulat sa mga matanda at sa mga maginoo
na nangasa kaniyang bayan, at nagsisitahang kasama ni
Naboth. 9 At kaniyang isinulat sa mga sulat, na sinasabi,
Mangagtanyag kayo ng isang ayuno at ilagay ninyo si Naboth
sa pangulo na kasamahan ng bayan: 10 At lumagay ang
dalawang lalake na mga hamak na tao sa harap niya, at
mangagsisaksi laban sa kaniya, na magsipagsabi, Ikaw ay
namusong sa Dios at sa hari. At ilabas nga siya, at batuhin
siya upang siya'y mamatay. 11 At ginawa ng mga tao sa
kaniyang bayan, sa makatuwid baga'y ng mga matanda
at ng mga maginoo na nagsisitahan sa kaniyang bayan,
kung ano ang ipinagutos ni Jezabel sa kanila, ayon sa
nangasusulat sa mga sulat na kaniyang ipinadala sa kanila.
12 Sila'y nangagtanyag ng isang ayuno, at inilagay si Naboth
sa pangulo na kasamahan ng bayan. 13 At ang dalawang
lalake na mga hamak na tao ay nagsipasok at nagsiupo
sa harap niya: at ang mga lalake na hamak ay nagsisaksi
laban sa kaniya, sa makatuwid baga'y laban kay Naboth sa
harap ng bayan, na nagsisipagsabi, Si Naboth ay namusong
sa Dios at sa hari. Nang magkagayo'y inilabas nila sa
bayan, at binato nila siya ng mga bato, na anopa't siya'y
namatay. 14 Nang magkagayo'y sila'y nagsipagsugo kay
Jezabel, na nagsisipagsabi, Si Naboth ay pinagbatuhanan,
at patay. 15 At nangyari, nang mabalitaan ni Jezabel na si
Naboth ay pinagbatuhanan, at patay, na sinabi ni Jezabel
kay Achab, Ikaw ay bumangon, ariin mo ang ubasan ni
Naboth, na Jezreelita na kaniyang ipinagkait na ibigay sa iyo
sa halaga ng salapi: sapagka't si Naboth ay hindi buhay,
kundi patay. 16 At nangyari, nang mabalitaan ni Achab na
patay si Naboth, na bumangon si Achab na bumaba sa
ubasan ni Naboth na Jezreelita, upang ariin. 17 At ang salita
ng Panginoon ay dumating kay Elias na Thisbita, na nagsabi,
18 Bumangon ka, panaugin mong salubungin si Achab na
hari ng Israel, na tumatahan sa Samaria: narito, siya'y nasa
ubasan ni Naboth na kaniyang pinapanaog upang ariin.
19 At iyong sasalitain sa kaniya, na sasabihin, Ganito ang
sabi ng Panginoon, Iyo bang pinatay at iyo rin namang
inari? at iyong sasalitain sa kaniya, na sasabihin, Ganito
ang sabi ng Panginoon, Sa dakong pinaghimuran ng mga
aso ng dugo ni Naboth ay hihimuran ng mga aso ang iyong
dugo, sa makatuwid baga'y ang iyong dugo. 20 At sinabi
ni Achab kay Elias, Nasumpungan mo ba ako, Oh aking
kaaway? At sumagot siya, Nasumpungan kita: sapagka't
ikaw ay napabili upang gumawa ng kasamaan sa paningin
ng Panginoon. 21 Narito, aking dadalhan ng kasamaan
ka, at aking lubos na papalisin ka, at aking ihihiwalay kay
Achab ang bawa't anak na lalake, at ang nakukulong at ang
naiwan sa kaluwangan sa Israel. 22 At aking gagawin ang
iyong sangbahayan na gaya ng sangbahayan ni Jeroboam
na anak ni Nabat, at gaya ng sangbahayan ni Baasa na
anak ni Ahia, dahil sa pamumungkahi na iyong iminungkahi
sa akin sa galit, at iyong pinapagkasala ang Israel. 23 At
tungkol kay Jezabel ay nagsalita naman ang Panginoon, na
nagsabi, Lalapain ng mga aso si Jezabel sa tabi ng kuta ng
Jezreel. 24 Ang mamatay kay Achab sa bayan ay lalapain
ng mga aso; at ang mamatay sa parang ay tutukain ng mga
ibon sa himpapawid. 25 (Nguni't walang gaya ni Achab na
nagbili ng kaniyang sarili upang gumawa ng kasamaan sa
paningin ng Panginoon, na hinikayat ni Jezabel na kaniyang
asawa. 26 At siya'y gumawa ng totoong karumaldumal sa
pagsunod sa mga diosdiosan, ayon sa lahat na ginawa ng
mga Amorrheo, na pinalayas ng Panginoon sa harap ng
mga anak ni Israel.) 27 At nangyari, nang marinig ni Achab
ang mga salitang yaon, na kaniyang hinapak ang kaniyang
mga damit, at nagsuot ng kayong magaspang sa kaniyang
katawan, at nagayuno, at nahiga sa kayong magaspang, at
lumakad ng marahan. 28 At ang salita ng Panginoon ay
dumating kay Elias na Thisbita, na sinabi, 29 Nakita mo
ba kung paanong si Achab ay nagpakababa sa harap ko?
sapagka't siya'y nagpakababa sa harap ko, hindi ko dadalhin
ang kasamaan sa kaniyang mga kaarawan: kundi sa mga
kaarawan ng kaniyang anak dadalhin ko ang kasamaan sa
kaniyang sangbahayan.

**22** At sila'y nagpatuloy na tatlong taon na walang
pagdidigma ang Siria at ang Israel. 2 At nangyari,
nang ikatlong taon, na binaba ni Josaphat na hari sa Juda
ang hari sa Israel. 3 At sinabi ng hari sa Israel sa kaniyang
mga lingkod, Di ba talastas ninyo na ang Ramoth-galaad ay
atin, at tayo'y tatahimik, at hindi natin aagawin sa kamay
ng hari sa Siria? 4 At sinabi niya kay Josaphat, Sasama
ka ba sa akin sa pagbabaka sa Ramoth-galaad? At sinabi
ni Josaphat sa hari sa Israel, Ako'y gaya mo, ang aking
bayan ay gaya ng iyong bayan, ang aking mga kabayo
ay gaya ng iyong mga kabayo. 5 At sinabi ni Josaphat sa
hari sa Israel, Sumangguni ka, isinasamo ko sa iyo, sa
salita ng Panginoon ngayon. 6 Nang magkagayo'y pinisan
ng hari sa Israel ang mga propeta na may apat na raang
lalake, at nagsabi sa kanila, Yayaon ba akong laban sa
Ramoth-galaad upang bumaka, o uurong ako? At sinabi
nila, Umahon ka: sapagka't ibibigay ng Panginoon sa kamay
ng hari. 7 Nguni't sinabi ni Josaphat, Wala ba ritong ibang
propeta ng Panginoon upang makapagusisa tayo sa kaniya?
8 At sinabi ng hari sa Israel kay Josaphat, May isa pang
lalake na mapaguusisaan natin sa Panginoon, si Micheas
na anak ni Imla: nguni't kinapopootan ko siya; sapagka't

hindi siya nanghuhula ng mabuti tungkol sa akin, kundi
kasamaan. At sinabi ni Josaphat: Huwag sabihing gayon ng
hari. **9** Nang magkagayo'y tumawag ang hari sa Israel ng
isang punong kawal, at nagsabi, Dalhin mo ritong madali
si Micheas na anak ni Imla. **10** Ang hari nga sa Israel
at si Josaphat na hari sa Juda, ay nagsiupo kapuwa sa
kanikaniyang luklukan, na nakapanamit hari sa isang hayag
na dako sa pasukan ng pintuang-bayan ng Samaria; at ang
lahat na propeta ay nagsipanghula sa harap nila. **11** At si
Sedechias na anak ni Chanaana ay gumawa ng mga sungay
na bakal, at nagsabi, Ganito ang sabi ng Panginoon, Sa
pamamagitan ng mga ito ay iyong itutulak ang mga taga
Siria hanggang sa mangalipol. **12** At ang lahat na propeta ay
nagsisipanghulang gayon, na nagsisipagsabi, Umahon ka sa
Ramoth-galaad, at guminhawa ka: sapagka't ibibigay ng
Panginoon sa kamay ng hari. **13** At ang sugo na yumaong
tumawag kay Micheas ay nagsalita sa kaniya, na nagsasabi,
Narito ngayon, ang mga salita ng mga propeta ay mabuti
sa hari na magkakaisa: isinasamo ko sa iyo na ang iyong
bibig ay maging gaya ng isa sa kanila, at magsalita ka ng
mabuti. **14** At sinabi ni Micheas, Buhay ang Panginoon kung
ano ang sabihin ng Panginoon sa akin, yaon ang aking
sasalitain. **15** At nang siya'y dumating sa hari, sinabi ng
hari sa kaniya, Micheas, paroroon ba kami sa Ramoth-
galaad upang bumaka, o uurong kami? At kaniyang isinagot
sa kaniya, Ikaw ay yumaon, at guminhawa; at ibibigay ng
Panginoon yaon sa kamay ng hari. **16** At sinabi ng hari
sa kaniya, Makailang manunumpa ako sa iyo, na ikaw ay
huwag magsalita ng anoman sa akin, kundi ng katotohanan
sa pangalan ng Panginoon? **17** At kaniyang sinabi, Aking
nakita ang buong Israel na nangangalat sa mga bundok, na
gaya ng mga tupa na walang pastor: at sinabi ng Panginoon,
Ang mga ito ay walang panginoon; umuwi ang bawa't lalake
sa kaniyang bahay na payapa. **18** At sinabi ng hari sa Israel
kay Josaphat, Di ba isinaysay ko sa iyo na siya'y hindi
manghuhula ng mabuti tungkol sa akin, kundi ng kasamaan?
**19** At sinabi ni Micheas, Kaya't iyong dinggin ang salita ng
Panginoon: Aking nakita ang Panginoon na nakaupo sa
kaniyang luklukan, at ang buong hukbo ng langit ay nakatayo
sa siping niya sa kaniyang kanan at sa kaniyang kaliwa. **20**
At sinabi ng Panginoon, Sinong dadaya kay Achab, upang
siya'y umahon at mabuwal sa Ramoth-galaad? At ang isa'y
nagsalita ng ganitong paraan; at ang iba'y nagsalita ng
gayong paraan. **21** At lumabas ang isang espiritu at tumayo
sa harap ng Panginoon, at nagsabi, Aking dadayain siya.
**22** At sinabi ng Panginoon sa kaniya, Paano? At kaniyang
sinabi, Ako'y lalabas, at magiging magdarayang espiritu
sa bibig ng lahat niyang mga propeta. At kaniyang sinabi,
Iyong dadayain siya, at mananaig ka rin: lumabas ka, at
gawin mong gayon. **23** Ngayon nga, narito, inilagay ng
Panginoon ang magdarayang espiritu sa bibig ng lahat ng
iyong mga propetang ito: at ang Panginoon ay nagsalita ng
kasamaan tungkol sa iyo. **24** Nang magkagayo'y lumapit si
Sedechias na anak ni Chanaana, at sinampal si Micheas,
at sinabi, Saan nagdaan ang Espiritu ng Panginoon na
mula sa akin, upang magsalita sa iyo? **25** At sinabi ni
Micheas, Narito, iyong makikita sa araw na yaon pagka
ikaw ay papasok sa pinakaloob na silid upang magkubli. **26**
At sinabi ng hari sa Israel, Kunin mo si Micheas, at ibalik
mo kay Amon na tagapamahala ng bayan, at kay Joas
na anak ng hari; **27** At iyong sabihin, Ganito ang sabi ng
hari, Ilagay ninyo ang taong ito sa bilangguan, at pakanin
ninyo siya ng tinapay ng kadalamhatian at ng tubig ng
kadalamhatian hanggang sa ako'y dumating na payapa. **28**
At sinabi ni Micheas, Kung ikaw ay bumalik sa anomang
paraan na payapa, ang Panginoon ay hindi nagsalita sa
pamamagitan ko. At kaniyang sinabi, Dinggin ninyo, ninyong
mga bayan, ninyong lahat. **29** Sa gayo'y ang hari sa Israel,
at si Josaphat na hari sa Juda ay nagsiahon sa Ramoth-
galaad. **30** At sinabi ng hari sa Israel kay Josaphat, Ako'y
magpapakunwaring iba, at paroroon sa pagbabaka; nguni't
ikaw ay magsuot ng iyong mga balabal-hari. At ang hari ng
Israel ay nagpakunwaring iba, at naparoon sa pagbabaka.
**31** Ang hari nga ng Siria ay nagutos sa tatlong pu't dalawang
punong kawal ng kaniyang mga karo, na nagsasabi, Huwag
kayong magsilaban kahit sa maliit o sa malaki man, liban
lamang sa hari sa Israel. **32** At nangyari, nang makita ng mga
punong kawal ng mga karo si Josaphat na kanilang sinabi,
Walang pagsalang hari sa Israel; at sila'y nagsibalik upang
magsilaban sa kaniya: at si Josaphat ay humiyaw. **33** At
nangyari, nang makita ng mga punong kawal ng mga karo na
hindi siyang hari sa Israel, na sila'y humiwalay ng paghabol
sa kaniya. **34** At inihilagpos ng isang lalake ang kaniyang
pana sa pagbabakasakali, at tinamaan ang hari sa Israel sa
pagitan ng mga pagkakasugpong ng sakbat; kaya't kaniyang
sinabi sa nagpapatakbo ng kaniyang karo, Ipihit mo ang
iyong kamay, at ihiwalay mo ako sa hukbo; sapagka't ako'y
nasugatan ng malubha. **35** At ang pagbabaka ay lumala
nang araw na yaon; at ang hari ay natigil sa kaniyang karo
sa harap ng mga taga Siria, at namatay sa kinahapunan: at
ang dugo ay bumuluwak sa sugat sa pinakaloob ng karo. **36**
At nagkaroon ng hiyawan sa buong hukbo sa may paglubog
ng araw, na nagsasabi, Bawa't lalake ay sa kaniyang bayan,
at bawa't lalake ay sa kaniyang lupain. **37** Sa gayo'y namatay
ang hari at dinala sa Samaria; at kanilang inilibing ang hari
sa Samaria. **38** At kanilang hinugasan ang karo sa tabi ng
tangke ng Samaria; at hinimuran ng mga aso ang kaniyang
dugo (ang mga masamang babae nga ay nagsipaligo roon; )

ayon sa salita ng Panginoon na kaniyang sinalita. 39 Ang iba
nga sa mga gawa ni Achab, at ang lahat niyang ginawa, at
ang bahay na garing na kaniyang itinayo, at ang lahat na
bayan na kaniyang itinayo, di ba nasusulat sa aklat ng mga
alaala sa mga hari sa Israel? 40 Sa gayo'y natulog si Achab
na kasama ng kaniyang mga magulang; at si Ochozias na
kaniyang anak ay naghari na kahalili niya. 41 At si Josaphat
na anak ni Asa ay nagpasimulang maghari sa Juda, nang
ikaapat na taon ni Achab na hari sa Israel. 42 Si Josaphat ay
tatlong pu't limang taon nang magpasimulang maghari; at
siya'y nagharing dalawang pu't limang taon sa Jerusalem. At
ang pangalan ng kaniyang ina ay Azuba na anak ni Silai.
43 At siya'y lumakad ng buong lakad ni Asa na kaniyang
ama; hindi siya lumiko sa paggawa ng matuwid sa mga
mata ng Panginoon: gayon ma'y ang mga mataas na dako
ay hindi inalis; ang bayan ay nagpatuloy na naghahain, at
nagsusunog ng kamangyan sa mga mataas na dako. 44
At si Josaphat ay nakipagpayapaan sa hari ng Israel. 45
Ang iba nga sa mga gawa ni Josaphat, at ang kaniyang
kapangyarihan na kaniyang ipinakita, at kung paanong siya'y
nakidigma, di ba nangasusulat sa aklat ng mga alaala sa
mga hari sa Juda? 46 At ang nangalabi sa mga sodomita
na nangalabi sa mga kaarawan ng kaniyang ama na si
Asa, ay pinaalis niya sa lupain. 47 At walang hari sa Edom:
isang kinatawan ay hari. 48 Si Josaphat ay gumawa ng mga
sasakyang dagat sa Tharsis, upang pumaroon sa Ophir
dahil sa ginto: nguni't hindi sila nagsiparoon; sapagka't
ang mga sasakyan ay nangasira sa Ezion-geber. 49 Nang
magkagayo'y sinabi ni Ochozias na anak ni Achab kay
Josaphat, Magsiyaon ang aking mga lingkod na kasama
ng iyong mga lingkod sa mga sasakyan. Nguni't tumanggi
si Josaphat. 50 At si Josaphat ay natulog na kasama ng
kaniyang mga magulang, at nalibing na kasama ng kaniyang
mga magulang sa bayan ni David na kaniyang magulang: at
si Joram na kaniyang anak ay naghari na kahalili niya. 51 Si
Ochozias na anak ni Achab ay nagpasimulang maghari sa
Israel sa Samaria, nang ikalabing pitong taon ni Josaphat na
hari sa Juda, at siya'y nagharing dalawang taon sa Israel. 52
At siya'y gumawa ng masama sa paningin ng Panginoon,
at lumakad sa lakad ng kaniyang ama, at sa lakad ng
kaniyang ina, at sa lakad ni Jeroboam na anak ni Nabat,
na ipinagkasala niya sa Israel. 53 At siya'y naglingkod kay
Baal, at sumamba sa kaniya, at minungkahi sa galit ang
Panginoon, ang Dios ng Israel, ayon sa lahat na ginawa ng
kaniyang ama.

# 2 Mga Hari

**1** At ang Moab ay nanghimagsik laban sa Israel pagkamatay
ni Achab. **2** At si Ochozias ay nahulog sa silahia sa
kaniyang silid sa itaas na nasa Samaria, at nagkasakit: at
siya'y nagsugo ng mga sugo, at nagsabi sa kanila, Kayo
ay magsiyaon, usisain ninyo kay Baal-zebub, na dios sa
Ecron, kung ako'y gagaling sa sakit na ito. **3** Nguni't sinabi
ng anghel ng Panginoon kay Elias na Thisbita, Ikaw ay
bumangon, umahon ka na salubungin mo ang mga sugo
ng hari ng Samaria, at sabihin mo sa kanila, Dahil ba sa
walang Dios sa Israel, na kaya kayo'y nagsisiyaon upang
magsipagusisa kay Baal-zebub na dios sa Ecron? **4** Ngayon
nga'y ganito ang sabi ng Panginoon, Ikaw ay hindi bababa
sa higaan na iyong sinampahan, kundi walang pagsalang
ikaw ay mamamatay. At si Elias ay umalis. **5** At ang mga
sugo ay nagsibalik sa kaniya, at sinabi niya sa kanila.
Bakit kayo'y nagsibalik? **6** At sinabi nila sa kaniya, May
umahong isang lalake na sinalubong kami, at sinabi sa amin,
Kayo'y magsiyaon, magsibalik kayo sa hari na nagsugo
sa inyo, at sabihin ninyo sa kaniya, Ganito ang sabi ng
Panginoon, Dahil ba sa walang Dios sa Israel na kaya
ikaw ay nagsusugo upang magusisa kay Baal-zebub na
dios sa Ecron? Kaya't hindi ka bababa sa higaan na iyong
sinampahan, kundi walang pagsalang ikaw ay mamamatay.
**7** At sinabi niya sa kanila, Anong anyo ng lalaking yaong
umahon na sumalubong sa inyo, at nagsaysay sa inyo ng
mga salitang ito? **8** At sila'y nagsisagot sa kaniya: Siya'y
lalaking mabalahibo at nakabigkis ng bigkis na balat ng
hayop sa kaniyang mga balakang. At kaniyang sinabi, Siya'y
si Elias na Thisbita. **9** Nang magkagayo'y nagsugo ang
hari sa kaniya ng isang punong kawal ng lilimangpuin na
kasama ang kaniyang limangpu. At inahon niya siya: at,
narito, siya'y nakaupo sa taluktok ng burol. At siya'y nagsalita
sa kaniya: Oh lalake ng Dios, sinabi ng hari: Bumaba ka.
**10** At si Elias ay sumagot, at nagsabi sa punong kawal ng
lilimangpuin: Kung ako'y lalake ng Dios, bumaba ang apoy
na mula sa langit, at sakupin ka at ang iyong limangpu. At
bumaba ang apoy na mula sa langit, at sinupok siya at ang
kaniyang limangpu. **11** At muli siyang nagsugo sa kaniya ng
ibang punong kawal ng limangpuin na kasama ang kaniyang
limangpu. At siya'y sumagot, at nagsabi sa kaniya: Oh lalake
ng Dios, ganito ang sabi ng hari, Bumaba kang madali. **12**
At si Elias ay sumagot, at nagsabi sa kanila, Kung ako'y
lalake ng Dios, bumaba ang apoy na mula sa langit, at
supukin ka at ang iyong limangpu. At ang apoy ng Dios ay
bumaba na mula sa langit, at sinupok siya at ang kaniyang
limangpu. **13** At muling siya'y nagsugo ng punong kawal
ng ikatlong lilimangpuin na kasama ng kaniyang limangpu.
At ang ikatlong punong kawal ng lilimangpuin ay umahon,
at naparoon at lumuhod sa harap ni Elias, at namanhik sa
kaniya at nagsabi sa kaniya, Oh lalake ng Dios, isinasamo
ko sa iyo na ang aking buhay, at ang buhay ng limangpung
ito na iyong mga lingkod ay maging mahalaga nawa sa iyong
paningin. **14** Narito, bumaba ang apoy na mula sa langit, at
sinupok ang dalawang unang punong kawal ng lilimangpuin
sangpu ng kanilang limalimangpu; nguni't ang aking buhay
nga'y maging mahalaga nawa sa iyong paningin. **15** At
sinabi ng anghel ng Panginoon kay Elias, Bumaba kang
kasama niya: huwag kang matakot sa kaniya. At siya'y
tumindig, at bumabang kasama niya hanggang sa hari. **16**
At sinabi niya sa kaniya, Ganito ang sabi ng Panginoon:
Yamang ikaw ay nagsugo ng mga sugo upang magusisa kay
Baal-zebub na dios sa Ecron, dahil ba sa walang Dios sa
Israel na mapaguusisaan ng kaniyang salita? kaya't hindi
ka bababa sa higaan na iyong sinampahan, kundi walang
pagsalang mamamatay ka. **17** Sa gayo'y namatay siya, ayon
sa salita ng Panginoon na sinalita ni Elias. At si Joram ay
nagpasimulang maghari na kahalili niya nang ikalawang taon
ni Joram na anak ni Josaphat na hari sa Juda; sapagka't
wala siyang anak. **18** Ang iba nga sa mga gawa ni Ochozias
na kaniyang ginawa, di ba nangasusulat sa aklat ng mga
alaala sa mga hari sa Israel?

**2** At nangyari, nang isasampa ng Panginoon si Elias sa
langit sa pamamagitan ng isang ipoipo, na si Elias ay
yumaong kasama ni Eliseo mula sa Gilgal. **2** At sinabi ni
Elias kay Eliseo, Isinasamo ko sa iyo na maghintay ka rito:
sapagka't sinugo ako ng Panginoon hanggang sa Beth-el.
At sinabi ni Eliseo, Buhay ang Panginoon, at buhay ang
iyong kaluluwa, hindi kita iiwan. Sa gayo'y bumaba sila
sa Beth-el. **3** At nilabas ng mga anak ng mga propeta na
nasa Beth-el si Eliseo, at nagsipagsabi sa kaniya, Talastas
mo ba na ihihiwalay ng Panginoon ang iyong panginoon
sa iyong ulo ngayon? At kaniyang sinabi, Oo, talastas ko;
pumayapa kayo. **4** At sinabi ni Elias sa kaniya, Eliseo,
isinasamo ko sa iyo na maghintay ka rito; sapagka't sinugo
ako ng Panginoon sa Jerico. At kaniyang sinabi, Buhay ang
Panginoon, at buhay ang iyong kaluluwa, hindi kita iiwan.
Sa gayo'y nagsiparoon sila sa Jerico. **5** At nagsilapit kay
Eliseo ang mga anak ng mga propeta na nangasa Jerico, at
nagsipagsabi sa kaniya, Talastas mo ba na ihihiwalay ng
Panginoon ang iyong panginoon sa iyong ulo ngayon? At
siya'y sumagot, Oo, talastas ko; pumayapa kayo. **6** At sinabi
ni Elias sa kaniya, Isinasamo ko sa iyo na maghintay ka rito;
sapagka't sinugo ako ng Panginoon sa Jordan. At kaniyang
sinabi, Buhay ang Panginoon, at buhay ang iyong kaluluwa,
hindi kita iiwan. At silang dalawa ay nagsiyaon. **7** At limangpu
sa mga anak ng mga propeta ay nagsiyaon, at nagsitayo

sa tapat nila sa malayo; at silang dalawa ay nagsitayo sa
tabi ng Jordan. 8 At kinuha ni Elias ang kaniyang balabal,
at tiniklop, at hinampas ang tubig, at nahawi dito at doon,
na ano pa't silang dalawa'y nagsidaan sa tuyong lupa. 9
At nangyari, nang sila'y makatawid, na sinabi ni Elias kay
Eliseo, Hingin mo kung ano ang gagawin ko sa iyo, bago
ako ihiwalay sa iyo. At sinabi ni Eliseo, Isinasamo ko sa iyo,
na ang ibayong bahagi ng iyong diwa ay sumaakin. 10 At
sinabi niya, Ikaw ay humingi ng mabigat na bagay: gayon
ma'y kung makita mo ako pagka ako'y inihiwalay sa iyo,
magiging gayon sa iyo; nguni't kung hindi ay hindi magiging
gayon. 11 At nangyari, samantalang sila'y nagpapatuloy, at
nagsasalitaan, na narito, napakita ang isang karong apoy, at
mga kabayong apoy, na naghiwalay sa kanila kapuwa; at
si Elias ay sumampa sa langit sa pamamagitan ng isang
ipoipo. 12 At nakita ni Eliseo, at siya'y sumigaw. Ama ko,
ama ko, mga karo ng Israel at mga mangangabayo niyaon!
At hindi na niya nakita siya: at kaniyang hinawakan ang
kaniyang sariling kasuutan, at hinapak ng dalawang hati. 13
Kinuha rin niya ang balabal ni Elias na nahulog sa kaniya, at
siya'y bumalik, at tumayo sa tabi ng pangpang ng Jordan.
14 At kaniyang kinuha ang balabal ni Elias na nahulog sa
kaniya, at hinampas ang tubig, at sinabi, Saan nandoon ang
Panginoon, ang Dios ni Elias? at nang kaniyang mahampas
naman ang tubig, ay nahawi dito at doon: at si Eliseo ay
tumawid. 15 At nang makita siya ng mga anak ng mga
propeta na nangasa Jerico sa tapat niya, ay kanilang sinabi,
Ang diwa ni Elias ay sumasa kay Eliseo. At sila'y nagsiyaon
na sinalubong siya, at sila'y nangagpatirapa sa lupa sa harap
niya. 16 At kanilang sinabi sa kaniya, Narito ngayon, sa
iyong mga lingkod ay may limangpung malalakas na lalake;
isinasamo namin sa iyo na payaunin mo sila, at hanapin
ang inyong panginoon, baka sakaling itinaas ng Espiritu ng
Panginoon, at inihagis sa isang bundok, o sa isang libis.
At kaniyang sinabi, Huwag kayong magsipagsugo. 17 At
nang kanilang pilitin siya hanggang sa siya'y mapahiya, at
kaniyang sinabi, Magsipagsugo kayo. Sila'y nagsipagsugo
nga ng limangpung lalake, at hinanap nilang tatlong araw,
nguni't hindi nasumpungan siya. 18 At sila'y nagsibalik
sa kaniya, samantalang siya'y naghihintay sa Jerico; at
kaniyang sinabi sa kanila, Di ba sinabi ko sa inyo: Huwag
kayong magsiyaon? 19 At sinabi ng mga lalake sa bayan
kay Eliseo: Tingnan mo, isinasamo namin sa iyo, na ang
kalagayan ng bayang ito ay maligaya, gaya ng nakikita ng
aking panginoon: nguni't ang tubig ay masama, at ang lupa
ay nagpapalagas ng bunga. 20 At kaniyang sinabi, Dalhan
ninyo ako ng isang bagong banga, at sidlan ninyo ng asin.
At kanilang dinala sa kaniya. 21 At siya'y naparoon sa bukal
ng tubig, at hinagisan niya ng asin, at nagsabi, Ganito ang
sabi ng Panginoon, Aking pinabuti ang tubig na ito; hindi na
magkakaroon mula rito ng kamatayan pa o pagkalagas ng
bunga. 22 Sa gayo'y bumuti ang tubig hanggang sa araw
na ito, ayon sa salita ni Eliseo na kaniyang sinalita. 23 At
siya'y umahon sa Beth-el mula roon: at samantalang siya'y
umaahon sa daan, may nagsilabas sa bayan na mga bata,
at tinuya siya, at sinabi nila sa kaniya, Umahon ka, ikaw na
kalbo ang ulo; umahon ka, ikaw na kalbo ang ulo. 24 At
siya'y lumingon sa likuran niya, at nangakita niya, at sinumpa
niya sila sa pangalan ng Panginoon. At doo'y lumabas ang
dalawang osong babae sa gubat, at lumapa ng apat na pu't
dalawang bata sa kanila. 25 At siya'y naparoon sa bundok ng
Carmelo mula roon, at mula roo'y bumalik siya sa Samaria.

**3** Si Joram nga na anak ni Achab ay nagpasimulang
maghari sa Israel sa Samaria nang ikalabing walong
taon ni Josaphat na hari sa Juda, at nagharing labing
dalawang taon. 2 At siya'y gumawa ng masama sa paningin
ng Panginoon; nguni't hindi gaya ng kaniyang ama, at
ng kaniyang ina: sapagka't kaniyang inalis ang haligi na
pinakaalaala kay Baal na ginawa ng kaniyang ama. 3 Gayon
ma'y lumakip siya sa mga kasalanan ni Jeroboam na anak ni
Nabat, na ipinagkasala niya sa Israel; hindi niya hiniwalayan.
4 Si Mesa nga na hari sa Moab ay may mga tupa; at siya'y
nagbubuwis sa hari sa Israel ng balahibo ng isang daang
libong kordero at ng isang daang libong lalaking tupa. 5
Nguni't nangyari nang mamatay si Achab, na ang hari sa
Moab ay nanghimagsik laban sa hari sa Israel. 6 At ang
haring Joram ay lumabas sa Samaria nang panahong yaon,
at hinusay ang buong Israel. 7 At siya'y yumaon, at nagsugo
kay Josaphat na hari sa Juda, na nagsasabi, Ang hari sa
Moab ay nanghimagsik laban sa akin: yayaong ka ba na
kasama ko laban sa Moab upang bumaka? At kaniyang
sinabi, Ako'y aahon: ako'y gaya mo, ang aking bayan ay
gaya ng iyong bayan, ang aking mga kabayo ay gaya ng
iyong mga kabayo. 8 At kaniyang sinabi, Sa aling daan
magsisiahon tayo? At siya'y sumagot, Sa daan ng ilang
ng Edom. 9 Sa gayo'y yumaon ang hari sa Israel, at ang
hari sa Juda, at ang hari sa Edom: at sila'y nagsiligid ng
pitong araw na paglalakbay; at walang tubig para sa hukbo,
o sa mga hayop man na nagsisisunod sa kanila. 10 At
sinabi ng hari sa Israel, Sa aba natin! sapagka't tinawag ng
Panginoon ang tatlong haring ito na magkakasama upang
ibigay sa kamay ng Moab. 11 Nguni't sinabi ni Josaphat,
Wala ba ritong isang propeta ng Panginoon, upang tayo'y
makapagusisa sa Panginoon sa pamamagitan niya? At isa
sa mga lingkod ng hari sa Israel ay sumagot, at nagsabi,
Si Eliseo na anak ni Saphat ay nandito na nagbuhos ng
tubig sa mga kamay ni Elias. 12 At sinabi ni Josaphat, Ang
salita ng Panginoon ay sumasa kaniya. Sa gayo'y binaba

siya ng hari sa Israel, at ni Josaphat at ng hari sa Edom. 13
At sinabi ni Eliseo sa hari sa Israel, Anong ipakikialam ko
sa iyo? pumaroon ka sa mga propeta ng iyong ama, at sa
mga propeta ng iyong ina. At sinabi ng hari sa Israel sa
kaniya, Hindi; sapagka't tinawag ng Panginoon ang tatlong
haring ito na magkakasama upang ibigay sila sa kamay
ng Moab. 14 At sinabi ni Eliseo, Buhay ang Panginoon
ng mga hukbo, na nakatayo ako sa harap niya, tunay na
kung wala akong pagtingin sa harap ni Josaphat na hari
sa Juda, hindi kita lilingapin, ni titingnan man. 15 Nguni't
ngayo'y dalhan ninyo ako ng isang manunugtog. At nangyari,
nang ang manunugtog ay tumugtog, na ang kamay ng
Panginoon ay suma kaniya. 16 At kaniyang sinabi, Ganito
ang sabi ng Panginoon, Punuin ninyo ang libis na ito ng
mga hukay. 17 Sapagka't ganito ang sabi ng Panginoon,
Kayo'y hindi makakakita ng hangin, ni kayo'y makakakita
man ng ulan; gayon ma'y ang libis na yaon ay mapupuno
ng tubig, at kayo'y iinom, kayo at gayon din ang inyong
mga baka, at ang inyong mga hayop. 18 At ito'y isang
bagay na magaan sa paningin ng Panginoon: kaniya rin
namang ibibigay ang mga Moabita sa inyong kamay. 19
At inyong sasaktan ang bawa't bayang nakukutaan, at ang
bawa't piling bayan, at inyong ibubuwal ang bawa't mabuting
punong kahoy, at inyong patitigilin ang lahat na bukal ng
tubig, at inyong sisirain ng mga bato ang bawa't mabuting
bahagi ng lupain. 20 At nangyari, sa kinaumagahan, sa
may panahon ng paghahandog ng alay, na, narito, humuho
ang tubig sa daan ng Edom, at ang lupain ay napuno ng
tubig. 21 Nang mabalitaan nga ng lahat na Moabita na ang
mga hari ay nagsiahon upang magsilaban sa kanila, ay
nagpipisan silang lahat na makapagsasakbat ng sandata at
hanggang sa katandatandaan, at nagsitayo sa hangganan.
22 At sila'y nagsibangong maaga nang kinaumagahan, at
ang araw ay suminag sa tubig, at nakita ng mga Moabita
ang tubig sa tapat nila na mapulang gaya ng dugo: at
kanilang sinabi, 23 Ito'y dugo; ang mga hari ay walang
pagsalang lipol, at sinaktan ng bawa't isa sa kanila ang
kaniyang kasama: ngayon nga, Moab, sa pagsamsam. 24 At
nang sila'y dumating sa kampamento ng Israel, ang mga
taga Israel ay nagsitindig, at sinaktan ang mga Moabita, na
anopa't sila'y tumakas sa harap nila; at sila'y nagpatuloy sa
lupain na sinasaktan ang mga Moabita. 25 At kanilang giniba
ang mga bayan at sa bawa't mabuting bahagi ng lupain ay
naghagis ang bawa't tao ng kaniyang bato, at pinuno; at
kanilang pinatigil ang lahat ng bukal ng tubig, at ibinuwal ang
lahat na mabuting punong kahoy, hanggang sa Cir-hareseth
lamang nagiwan ng mga bato niyaon; gayon ma'y kinubkob
ng mga manghihilagpos, at sinaktan. 26 At nang makita
ng hari sa Moab na ang pagbabaka ay totoong malala sa
ganang kaniya ay nagsama siya ng pitong daang lalake na
nagsisihawak ng tabak, upang dumaluhong sa hari sa Edom:
nguni't hindi nila nagawa. 27 Nang magkagayo'y kinuha
niya ang kaniyang pinaka matandang anak na maghahari
sana na kahalili niya, at inihandog niya na pinakahandog na
susunugin sa ibabaw ng kuta. At nagkaroon ng malaking
galit laban sa Israel: at kanilang nilisan siya, at bumalik sa
kanilang sariling lupain.

4 Sumigaw nga kay Eliseo ang isang babae na isa sa
mga asawa ng mga anak ng mga propeta, na nagsasabi,
Ang iyong lingkod na aking asawa ay patay na: at iyong
talastas na ang iyong lingkod ay natakot sa Panginoon:
at ang pinagkautangan ay naparito upang kuning alipinin
niya ang aking dalawang anak. 2 At sinabi ni Eliseo sa
kaniya, Anong gagawin ko sa iyo? saysayin mo sa akin;
anong mayroon ka sa bahay? At sinabi niya, Ang iyong
lingkod ay walang anomang bagay sa bahay liban sa isang
palyok na langis. 3 Nang magkagayo'y sinabi niya, Ikaw
ay yumaon, manghiram ka ng mga sisidlan sa labas sa
lahat ng iyong mga kapitbahay, sa makatuwid baga'y ng
mga walang lamang sisidlan; huwag kang manghiram ng
kaunti. 4 At ikaw ay papasok, at ikaw at ang iyong mga anak
ay magsasara ng pintuan, at iyong ibubuhos ang langis sa
lahat ng sisidlang yaon; at iyong itatabi ang mapuno. 5 Sa
gayo'y nilisan niya siya, at siya at ang kaniyang mga anak
ay nagsara ng pintuan; kanilang dinala ang mga sisidlan
sa kaniya, at kaniyang pinagbuhusan. 6 At nangyari, nang
mapuno ang mga sisidlan, na kaniyang sinabi sa kaniyang
anak, Dalhan mo pa ako ng isang sisidlan. At sinabi niya sa
kaniya: Wala pang sisidlan. At ang langis ay tumigil. 7 Nang
magkagayo'y naparoon siya, at kaniyang isinaysay sa lalake
ng Dios. At kaniyang sinabi, ikaw ay yumaon, ipagbili mo
ang langis, at bayaran mo ang iyong utang, at mabuhay
ka at ang iyong mga anak sa nalabi. 8 At nangyari, isang
araw na si Eliseo ay nagdaan sa Sunem, na kinaroroonan
ng isang dakilang babae; at pinilit siya niya na kumain ng
tinapay. At nagkagayon, na sa tuwing siya'y daraan doon
ay lumiliko roon upang kumain ng tinapay. 9 At sinabi niya
sa kaniyang asawa, Narito ngayon, aking nahahalata na
ito'y isang banal na lalake ng Dios na nagdadaan sa ating
palagi. 10 Isinasamo ko sa iyo na tayo'y gumawa ng isang
maliit na silid sa pader; at ating ipaglagay siya roon ng isang
higaan, at ng isang dulang, at ng isang upuan, at ng isang
kandelero: at mangyayari, pagka siya'y dumarating sa atin,
na siya'y papasok doon. 11 At nangyari, isang araw, na
siya'y dumating doon, at siya'y lumiko na pumasok sa silid,
at nahiga roon. 12 At sinabi niya kay Giezi na kaniyang
lingkod, Tawagin mo ang Sunamitang ito. At nang matawag
niya, siya'y tumayo sa harap niya. 13 At sinabi niya sa

kaniya, Sabihin mo ngayon sa kaniya, Narito, ikaw ay naging
maingat sa amin ng buong pagiingat na ito; ano nga ang
magagawa sa iyo? ibig mo bang ipakiusap kita sa hari,
o sa punong kawal ng hukbo? At siya'y sumagot, Ako'y
tumatahan sa gitna ng aking sariling bayan. **14** At kaniyang
sinabi, Ano nga ang magagawa sa kaniya? At sumagot si
Giezi. Katotohanang siya'y walang anak, at ang kaniyang
asawa ay matanda na. **15** At kaniyang sinabi, Tawagin siya.
At nang kaniyang tawagin siya, siya'y tumayo sa pintuan. **16**
At kaniyang sinabi, Sa panahong ito, pagpihit ng panahon,
ikaw ang kakalong ng isang anak na lalake. At kaniyang
sinabi, Hindi panginoon ko, ikaw na lalake ng Dios huwag
kang magsinungaling sa iyong lingkod. **17** At ang babae ay
naglihi, at nanganak ng isang lalake nang panahong yaon,
nang ang panahon ay makapihit gaya ng sinabi ni Eliseo sa
kaniya. **18** At nang lumaki ang bata ay nangyari, isang araw,
nang siya'y umalis na patungo sa kaniyang ama, sa mga
manggagapas. **19** At kaniyang sinabi sa kaniyang ama, Ulo
ko, ulo ko. At sinabi niya sa kaniyang bataan, Dalhin mo
siya sa kaniyang ina. **20** At nang kaniyang makuha siya at
dalhin siya sa kaniyang ina, siya'y umupo sa kaniyang tuhod
hanggang sa katanghaliang tapat, at nang magkagayo'y
namatay. **21** At siya'y pumanhik at inihiga siya sa higaan
ng lalake ng Dios, at pinagsarhan niya ng pintuan siya, at
lumabas. **22** At kaniyang dinaingan ang kaniyang asawa, at
nagsabi, Isinasamo ko sa iyo na iyong suguin sa akin ang
isa sa iyong mga bataan, at ang isa sa mga asno, upang
aking takbuhin ang lalake ng Dios, at bumalik uli. **23** At
kaniyang sinabi, Bakit paroroon ka sa kaniya ngayon? hindi
bagong buwan o sabbath man. At kaniyang sinabi, Magiging
mabuti. **24** Nang magkagayo'y siniyahan niya ang isang
asno, at nagsabi sa kaniyang bataan, Ikaw ay magpatakbo,
at magpatuloy; huwag mong pahinain ang pagpapatakbo sa
akin, malibang sabihin ko sa iyo. **25** Sa gayo'y yumaon siya
at naparoon sa lalake ng Dios sa bundok ng Carmelo. At
nangyari, nang makita siya ng lalake ng Dios sa malayo,
na kaniyang sinabi kay Giezi na kaniyang lingkod, Narito,
nandoon ang Sunamita: **26** Tumakbo ka, isinasamo ko sa
iyo ngayon, na salubungin siya, at iyong sabihin sa kaniya,
Mabuti ka ba? mabuti ba ang iyong asawa? mabuti ba ang
bata? At siya'y sumagot, Mabuti. **27** At nang siya'y dumating
sa lalake ng Dios sa burol, siya'y humawak sa kaniyang mga
paa. At lumapit si Giezi upang ihiwalay siya; nguni't sinabi ng
lalake ng Dios: Bayaan siya; sapagka't siya'y namamanglaw;
at inilihim ng Panginoon sa akin, at hindi isinaysay sa akin.
**28** Nang magkagayo'y sinabi niya, Ako ba'y humiling ng
isang anak sa aking panginoon? di ba sinabi ko, Huwag
mo akong dayain? **29** Nang magkagayo'y sinabi niya kay
Giezi, Bigkisan mo ang iyong mga balakang, at tangnan
mo ang aking tungkod sa iyong kamay, at yumaon ka ng
iyong lakad: kung ikaw ay makasasalubong ng sinomang
tao, huwag mo siyang batiin; at kung ang sinoman ay bumati
sa iyo, huwag mo siyang sagutin: at ipatong mo ang aking
tungkod sa mukha ng bata. **30** At sinabi ng ina ng bata,
Buhay ang Panginoon, at buhay ang iyong kaluluwa, hindi
kita iiwan. At siya'y tumindig, at sumunod sa kaniya. **31** At
si Giezi ay nagpauna sa kanila, at ipinatong ang tungkod
sa mukha ng bata; nguni't wala kahit tinig, o pakinig man.
Kaya't siya'y bumalik na sinalubong siya, at nagsaysay sa
kaniya, na nagsabi, Ang bata'y hindi magising. **32** At nang si
Eliseo ay dumating sa bahay, narito, ang bata'y patay, at
nakahiga sa kaniyang higaan. **33** Siya'y pumasok nga at
sinarhan ang pintuan sa kanilang dalawa, at dumalangin sa
Panginoon. **34** At siya'y sumampa, at dumapa sa ibabaw
ng bata, at idinikit ang kaniyang bibig sa bibig niya, at ang
kaniyang mga mata sa mga mata niya, at ang kaniyang mga
kamay sa mga kamay niya: at siya'y dumapa sa kaniya;
at ang laman ng bata ay uminit. **35** Nang magkagayo'y
bumalik siya, at lumakad sa bahay na paroo't parito na
minsan; at sumampa, at dumapa sa ibabaw niya: at ang
bata'y nagbahing makapito, at idinilat ng bata ang kaniyang
mga mata. **36** At tinawag niya si Giezi, at sinabi, Tawagin
mo ang Sunamitang ito. Sa gayo'y tinawag niya siya. At
nang siya'y pumaroon sa kaniya, sinabi niya, Kalungin mo
ang iyong anak. **37** Nang magkagayo'y pumasok siya at
nagpatirapa sa kaniyang mga paa, at yumukod sa lupa; at
kinalong niya ang kaniyang anak, at umalis. **38** At si Eliseo
ay bumalik sa Gilgal: at may kagutom sa lupain; at ang
mga anak ng mga propeta ay nangakaupo sa harap niya: at
sinabi niya sa kaniyang lingkod: Isalang mo ang malaking
palayok, at ipagluto mo ng lutuin ang mga anak ng mga
propeta. **39** At ang isa ay lumabas sa bukid upang manguha
ng mga gugulayin, at nakasumpong ng isang baging gubat,
at namitas doon ng mga kalabasang gubat na ang kaniyang
kandungan ay napuno, at bumalik at pinagputolputol sa
palayok ng lutuin: sapagka't hindi nila nalalaman. **40** Sa
gayo'y kanilang ibinuhos para sa mga tao upang kanin.
At nangyari, samantalang sila'y nagsisikain ng lutuin, na
sila'y nagsisigaw, at nagsipagsabi, Oh lalake ng Dios, may
kamatayan sa palayok. At hindi nakain yaon. **41** Nguni't
kaniyang sinabi, Magdala nga rito ng harina. At kaniyang
isinilid sa palayok; at kaniyang sinabi, Ibuhos ninyo para sa
bayan, upang sila'y makakain. At wala nang makasasama
sa palayok. **42** At dumating ang isang lalake na mula sa
Baal-salisa, at nagdala sa lalake ng Dios ng tinapay ng mga
unang bunga, na dalawang pung tinapay na sebada, at
mga murang uhay ng trigo na nangasa kaniyang bayong.
At kaniyang sinabi, Ibigay mo sa bayan, upang kanilang

makain. 43 At sinabi ng kaniyang lingkod: Ano, ilalapag ko
ba ito sa harap ng isang daang tao? Nguni't kaniyang sinabi,
Ibigay sa bayan upang kanilang makain; sapagka't ganito
ang sabi ng Panginoon, Sila'y kakain, at magtitira niyaon. 44
Sa gayo'y inilapag niya sa harap nila, at sila'y nagsikain, at
nagsipagtira niyaon, ayon sa salita ng Panginoon.

**5** Si Naaman nga, na punong kawal ng hukbo ng hari
sa Siria, ay dakilang lalake sa kaniyang panginoon, at
marangal, sapagka't sa pamamagitan niya'y nagbigay ang
Panginoon ng pagtatagumpay sa Siria: siya rin nama'y
malakas na lalake na may tapang, nguni't may ketong. 2 At
ang mga taga Siria ay nagsilabas na mga pulupulutong,
at nagdala ng bihag na mula sa lupain ng Israel na isang
dalagita; at siya'y naglingkod sa asawa ni Naaman. 3 At
sinabi niya sa kaniyang babaing panginoon. Mano nawa ang
aking panginoon ay humarap sa propeta na nasa Samaria!
kung magkagayo'y pagagalingin niya siya sa kaniyang
ketong. 4 At pumasok ang isa, at isinaysay sa kaniyang
panginoon, na sinasabi, Ganito't ganito ang sabi ng dalagita
na nagmula sa lupain ng Israel. 5 At sinabi ng hari sa Siria,
Yumaon ka, yumaon ka, at ako'y magpapadala ng sulat
sa hari sa Israel. At siya'y yumaon, at nagdala siya ng
sangpung talentong pilak, at anim na libong putol na ginto,
at sangpung pangpalit na bihisan. 6 At kaniyang dinala ang
sulat sa hari sa Israel, na sinasabi, At pagka nga dumating
sa iyo ang sulat na ito, ay talastasin mo na aking sinugo si
Naaman na aking lingkod sa iyo, upang iyong pagalingin
siya sa kaniyang ketong. 7 At nangyari, nang mabasa ng
hari sa Israel ang sulat, na kaniyang hinapak ang kaniyang
suot at nagsabi, Ako ba'y Dios upang pumatay at bumuhay,
na ang lalaking ito ay nagsugo sa akin upang pagalingin ito
sa kaniyang ketong? nguni't talastasin mo, isinasamo ko
sa iyo, at tingnan mo kung paanong siya'y humahanap ng
dahilan laban sa akin. 8 At nagkagayon, nang mabalitaan
ni Eliseo na lalake ng Dios na hinapak ng hari sa Israel
ang kaniyang suot, na siya'y nagsugo sa hari, na nagsabi:
Bakit mo hinapak ang iyong mga kasuutan? paparituhin mo
siya sa akin, at kaniyang malalaman na may isang propeta
sa Israel. 9 Sa gayo'y naparoon si Naaman na dala ang
kaniyang mga kabayo at ang kaniyang mga karo, at tumayo
sa pintuan ng bahay ni Eliseo. 10 At si Eliseo ay nagsugo ng
sugo sa kaniya, na nagsasabi, ikaw ay yumaon, at maligo
sa Jordan na makapito, at ang iyong laman ay sasauli sa
iyo, at ikaw ay magiging malinis. 11 Nguni't si Naaman
ay naginit, at umalis, at nagsabi, Narito, aking inakalang,
walang pagsalang lalabasin niya ako, at tatayo, at tatawag sa
pangalan ng Panginoon niyang Dios, at pagagalawgalawin
ang kaniyang kamay sa kinaroroonan, at mapapawi ang
ketong. 12 Hindi ba ang Abana at ang Pharphar, na mga
ilog ng Damasco, ay mainam kay sa lahat ng tubig sa
Israel? hindi ba ako makapaliligo sa mga yaon, at maging
malinis? Sa gayo'y pumihit siya at umalis sa paginit. 13 At
ang kaniyang mga lingkod ay nagsilapit, at nagsipagsalita
sa kaniya, at nagsabi, Ama ko, kung ipinagawa sa iyo
ng propeta ang anomang mahirap na bagay, hindi mo ba
gagawin? gaano nga kung sabihin niya sa iyo, Ikaw ay
maligo, at maging malinis? 14 Nang magkagayo'y lumusong
siya at sumugbong makapito sa Jordan, ayon sa sabi ng
lalake ng Dios: at ang kaniyang laman ay nagsauling gaya
ng laman ng isang munting bata, at siya'y naging malinis.
15 At siya'y bumalik sa lalake ng Dios, siya at ang buong
pulutong niya, at naparoon, at tumayo sa harap niya: at
siya'y nagsabi, Narito ngayon, aking talastas na walang
Dios sa buong lupa, kundi sa Israel: isinasamo ko ngayon
sa iyo na tanggapin mo ang kaloob ng iyong lingkod. 16
Nguni't kaniyang sinabi, Buhay ang Panginoon, na nakatayo
ako sa harap niya, wala akong tatanggapin. At ipinilit niya
sa kaniyang kunin; nguni't siya'y tumanggi. 17 At sinabi ni
Naaman, Kung hindi, isinasamo ko pa sa iyo, na bigyan
ko ang iyong lingkod ng lupang mapapasan ng dalawang
mula; sapagka't ang iyong lingkod buhat ngayon ay hindi
maghahandog ng handog na susunugin o hain man sa
ibang mga dios, kundi sa Panginoon. 18 Sa bagay na ito'y
patawarin nawa ng Panginoon ang iyong lingkod, pagka
ang aking panginoon ay pumasok sa bahay ni Rimmon
upang sumamba roon, at siya'y umagapay sa aking kamay,
at ako'y yumukod sa bahay ni Rimmon, pagyukod ko sa
bahay ni Rimmon, na patawarin nawa ng Panginoon ang
iyong lingkod sa bagay na ito. 19 At sinabi niya sa kaniya,
Ikaw ay yumaong payapa. Sa gayo'y nilisan niya siya ng
may aguwat na kaunti. 20 Nguni't si Giezi, na lingkod ni
Eliseo na lalake ng Dios, ay nagsabi, Narito, pinalagpas
ng aking panginoon ang Naamang ito na taga Siria, sa di
pagtanggap sa kaniyang mga kamay ng kaniyang dala;
buhay ang Panginoon, tatakbuhin ko siya, at kukuha ako
ng anoman sa kaniya. 21 Sa gayo'y sinundan ni Giezi si
Naaman, at nang makita ni Naaman na isa'y humahabol sa
kaniya, siya'y bumaba sa karo na sinalubong niya, at sinabi,
Lahat ba'y mabuti? 22 At kaniyang sinabi, Lahat ay mabuti.
Sinugo ako ng aking panginoon, na sinabi, Narito, dumating
sa akin ngayon mula sa lupaing maburol ng Ephraim ang
dalawang binata sa mga anak ng mga propeta: isinasamo
ko sa iyo na bigyan mo sila ng isang talentong pilak, at
dalawang pangpalit na bihisan. 23 At sinabi ni Naaman,
Matuwa ka, kunin mo ang dalawang talento. At ipinilit niya sa
kaniya, at ibinalot ang dalawang talentong pilak sa dalawang
supot, sangpu ng dalawang pangpalit na bihisan, at mga
ipinasan sa dalawa sa kaniyang mga bataan; at dinala

nila sa unahan niya. 24 At nang siya'y dumating sa burol,
kinuha niya sa kanilang kamay, at itinago niya sa bahay:
at pinayaon niya ang mga lalake, at sila'y nagsiyaon. 25
Nguni't siya'y pumasok at tumayo sa harap ng kaniyang
panginoon. At sinabi ni Eliseo sa kaniya, Saan ka nanggaling
Giezi? At kaniyang sinabi, Ang iyong lingkod ay walang
pinaroonan. 26 At kaniyang sinabi, Hindi ba sumasa iyo ang
aking puso nang ang lalake ay bumalik mula sa kaniyang
karo na sinasalubong ka? panahon ba ng pagtanggap ng
salapi, at pagtanggap ng bihisan, at ng mga olibohan, at ng
mga ubasan, at ng mga tupa, at ng mga baka, at ng mga
aliping lalake at babae? 27 Ang ketong nga ni Naaman ay
kakapit sa iyo, at sa iyong binhi magpakailan man. At siya'y
umalis sa kaniyang harapan na may ketong na kasingputi ng
niebe.

6 At sinabi ng mga anak ng mga propeta kay Eliseo, Narito
ngayon, ang dakong aming kinatitirahan sa harap mo
ay totoong gipit sa ganang amin. 2 Isinasamo namin sa
iyo na kami ay paparoonin sa Jordan, at kumuha roon ang
bawa't isa ng sikang, at gumawa kami para sa amin ng
isang dako roon, na aming matatahanan. At siya'y sumagot,
Magsiyaon kayo. 3 At sinabi ng isa, Isinasamo ko sa iyo
na ikaw ay matuwa, at yumaon na kasama ng iyong mga
lingkod. At siya'y sumagot, Ako'y yayaon. 4 Sa gayo'y
yumaon siyang kasama nila. At nang sila'y dumating sa
Jordan, sila'y nagsiputol ng kahoy. 5 Nguni't samantalang
ang isa'y pumuputol ng isang sikang, ang talim ng palakol ay
nalaglag sa tubig: at siya'y sumigaw, at nagsabi, Sa aba ko,
panginoon ko! sapagka't hiram. 6 At sinabi ng lalake ng Dios,
Saan nalaglag? At itinuro niya sa kaniya ang dako. At siya'y
pumutol ng isang patpat, at inihagis doon, at pinalutang ang
bakal. 7 At kaniyang sinabi, Kunin mo. Sa gayo'y kaniyang
iniunat ang kaniyang kamay, at kinuha. 8 Ang hari nga sa
Siria ay nakipagdigma sa Israel; at siya'y kumuhang payo
sa kaniyang mga lingkod, na nagsasabi, Sa gayo't gayong
dako malalagay ang aking kampamento. 9 At ang lalake ng
Dios ay nagsugo sa hari sa Israel, na nagsasabi, Magingat
ka na huwag dumaan sa dakong yaon; sapagka't doo'y
lumulusong ang mga taga Siria. 10 At nagsugo ang hari sa
Israel sa dakong isinaysay sa kaniya ng lalake ng Dios at
ipinagpauna sa kaniya; at siya'y lumigtas doon, na hindi
miminsan o mamakalawa. 11 At ang puso ng hari sa Siria ay
nabagabag na mainam dahil sa bagay na ito; at kaniyang
tinawag ang kaniyang mga lingkod, at sinabi sa kanila, Hindi
ba ninyo ipakikilala sa akin kung sino sa atin ang sa hari sa
Israel? 12 At sinabi ng isa sa kaniyang mga lingkod, Hindi
panginoon ko, Oh hari: kundi si Eliseo, na propeta na nasa
Israel, ay nagsaysay sa hari sa Israel ng mga salita na iyong
sinalita sa iyong silid na tulugan. 13 At kaniyang sinabi,
Ikaw ay yumaon at tingnan mo kung saan siya nandoon,
upang ako'y makapagpasundo at dalhin siya. At nasaysay
sa kaniya, na sinabi, Narito, siya'y nasa Dothan. 14 Kaya't
siya'y nagsugo roon ng mga kabayo at mga karo, at ng isang
malaking hukbo: at sila'y naparoon sa gabi, at kinubkob ang
bayan sa palibot. 15 At nang ang lingkod ng lalake ng Dios
ay magbangong maaga, at maglabas, narito, isang hukbo
na may mga kabayo at mga karo ay nakalibot sa bayan.
At ang kaniyang lingkod ay nagsabi sa kaniya, Sa aba
natin, panginoon ko! paano ang ating gagawin? 16 At siya'y
sumagot, Huwag kang matakot: sapagka't ang sumasaatin
ay higit kay sa sumasa kanila. 17 At si Eliseo ay nanalangin,
at nagsabi, Idinadalangin ko sa iyo, Panginoon, na idilat ang
kaniyang mga mata, upang siya'y makakita. At idinilat ng
Panginoon ang mga mata ng binata; at siya'y nakakita, at
narito, ang bundok ay puno ng mga kabayo at ng mga karo
ng apoy sa palibot ni Eliseo. 18 At nang kanilang lusungin
siya, ay nanalangin si Eliseo sa Panginoon, at nagsabi,
Idinadalangin ko sa iyo, na bulagin mo ang bayang ito. At
kaniyang binulag sila ayon sa salita ni Eliseo. 19 At sinabi
ni Eliseo sa kanila, Hindi ito ang daan, o ang bayan man:
sumunod kayo sa akin, at dadalhin ko kayo sa lalake na
inyong hinahanap. At kaniyang pinatnubayan sila hanggang
sa Samaria. 20 At nangyari, nang sila'y magsidating sa
Samaria, na sinabi ni Eliseo, Panginoon, idilat mo ang mga
mata ng mga lalaking ito, upang sila'y makakita. At idinilat
ng Panginoon ang kanilang mga mata, at sila'y nangakakita;
at, narito, sila'y nangasa gitna ng Samaria. 21 At sinabi
ng hari sa Israel kay Eliseo, nang makita niya sila, Ama
ko, sasaktan ko ba sila? sasaktan ko ba sila? 22 At siya'y
sumagot. Huwag mong sasaktan sila; sasaktan mo ba ang
iyong binihag ng iyong tabak at ng iyong busog? maghain ka
ng tinapay at tubig sa harap nila, upang kanilang makain
at mainom, at magsiparoon sa kanilang panginoon. 23 At
ipinaghanda niya ng malaking pagkain sila: at nang sila'y
makakain at makainom, kaniyang pinayaon sila, at sila'y
nagsiparoon sa kanilang panginoon. At ang pulutong ng
Siria ay hindi na naparoon pa sa lupain ng Israel. 24 At
nangyari, pagkatapos nito, na pinisan ni Ben-adad na hari
sa Siria, ang buo niyang hukbo, at umahon, at kinubkob ang
Samaria. 25 At nagkaroon ng malaking kagutom sa Samaria:
at, narito, kanilang kinubkob, hanggang sa ang ulo ng isang
asno ay naipagbili ng walong pung putol na pilak, at ang
ikaapat na bahagi ng isang takal ng dumi ng kalapati ay ng
limang putol na pilak. 26 At pagdaraan sa kuta ng hari sa
Israel, humiyaw ang isang babae sa kaniya, na nagsasabi,
Saklolo, panginoon ko, Oh hari. 27 At kaniyang sinabi, Kung
hindi ka saklolohan ng Panginoon, sa ano kita sasaklolohan
sa giikan ba, o sa ubasan. 28 At sinabi ng hari sa kaniya,

Anong nangyayari sa iyo? At siya'y sumagot, Sinabi ng
babaing ito sa akin, Ibigay mo ang iyong anak, upang makain
natin siya ngayon, at kakanin natin ang anak ko bukas. 29
Sa gayo'y pinakuluan namin ang anak ko, at kinain namin
siya: at sinabi ko sa kaniya sa sumunod na araw, Ibigay
mo ang iyong anak, upang makain natin siya; at kaniyang
ikinubli ang kaniyang anak. 30 At nangyari, nang marinig ng
hari ang mga salita ng babae, na kaniyang hinapak ang
kaniyang suot (nagdadaan nga siya sa kuta; ) at ang bayan
ay tumingin, at, narito, siya'y may magaspang na damit sa
loob sa kaniyang katawan. 31 Nang magkagayo'y kaniyang
sinabi, Gawing gayon ng Dios sa akin, at lalo na, kung ang
ulo ni Eliseo, na anak ni Saphat ay matira sa kaniya sa araw
na ito. 32 Nguni't si Eliseo ay nakaupo sa kaniyang bahay, at
ang mga matanda ay nagsiupo na kasama niya; at ang hari
ay nagsugo ng isang lalake na mula sa harap niya: nguni't
bago dumating ang sugo sa kinaroroonan niya, sinabi niya
sa mga matanda, Hindi ba ninyo nakita kung paanong ang
anak na ito ng isang mamamatay tao ay nagsugo sa akin na
alisin ang aking ulo? masdan ninyo, pagdating ng sugo,
sarhan ninyo ang pintuan, at itulak ninyo ang pinto laban sa
kaniya: di ba ang ingay ng mga paa ng kaniyang panginoon
sa likod niya? 33 At samantalang siya'y nakikipagusap sa
kanila, narito, nilusong siya ng sugo: at kaniyang sinabi,
Narito, ang kasamaang ito'y mula sa Panginoon; bakit pa
ako maghihintay sa Panginoon?

7 At sinabi ni Eliseo, Dinggin ninyo ang salita ng Panginoon,
ganito ang sabi ng Panginoon: Bukas sa may ganitong
oras, ang isang takal ng mainam na harina ay maipagbibili
ng isang siklo, at ang dalawang takal ng sebada ay ng
dalawang siklo, sa pintuang-bayan ng Samaria. 2 Nang
magkagayo'y ang punong kawal na pinangangapitan ng hari
ay sumagot sa lalaki ng Dios, at nagsabi, Narito, kung ang
Panginoo'y gagawa ng mga dungawan sa langit, mangyayari
ba ito? At kaniyang sinabi, Narito, makikita mo yaon ng iyong
mga mata, nguni't hindi ka kakain niyaon. 3 Mayroon ngang
apat na may ketong sa pasukan ng pintuang-bayan: at sila'y
nagsangusapan. Bakit nauupo tayo rito hanggang sa tayo'y
mamatay? 4 Kung ating sabihin, Tayo'y magsisipasok sa
bayan, ang kagutom nga'y nasa bayan, at tayo'y mamamatay
roon: at kung tayo'y magsisitigil ng pagkaupo rito, tayo'y
mamamatay rin. Ngayon nga'y halina, at tayo'y lumapit
sa hukbo ng mga taga Siria: kung tayo'y iligtas nilang
buhay, tayo'y mabubuhay; at kung tayo'y patayin nila,
mamamatay lamang tayo. 5 At sila'y nagsitindig pagtatakip
silim, upang magsiparoon sa kampamento ng mga taga
Siria: at nang sila'y magsidating sa pinakamalapit na bahagi
ng kampamento ng mga taga Siria, narito, walang tao roon.
6 Sapagka't ipinarinig ng Panginoon sa hukbo ng mga taga
Siria ang hugong ng mga karo, at ang huni ng mga kabayo,
sa makatuwid baga'y ang hugong ng malaking hukbo: at
sila'y nagsangusapan. Narito, inupahan ng hari ng Israel
laban sa atin ang mga hari ng mga Hetheo, at ang mga hari
ng mga taga Egipto, upang magsidaluhong sa atin. 7 Kaya't
sila'y nagsitindig, at nagsitakas sa pagtatakip silim, at iniwan
ang kanilang mga tolda, at ang kanilang mga kabayo, at ang
kanilang mga asno, at ang buong kampamento, na gaya ng
dati, at nagsitakas dahil sa kanilang buhay. 8 At nang ang
mga may ketong na ito'y magsidating sa pinakamalapit na
bahagi ng kampamento, sila'y nagsipasok sa isang tolda,
at nagsikain at nagsiinom, at nagsipagdala mula roon ng
pilak, at ng ginto, at ng bihisan, at nagsiyaon at itinago; at
sila'y bumalik, at pumasok sa ibang tolda, at nagdala rin
mula roon, at nagsiyaon at itinago. 9 Nang magkagayo'y
nagsangusapan sila. Hindi mabuti ang ginagawa natin:
ang araw na ito ay araw ng mabubuting balita, at tayo'y
tumatahimik: kung tayo'y magsipaghintay ng hanggang sa
pagliliwayway sa kinaumagahan, parusa ang aabot sa atin:
ngayon nga'y halina, tayo'y magsiyaon at ating saysayin
sa sangbahayan ng hari. 10 Sa gayo'y nagsiparoon sila,
at nagsitawag sa tagatanod-pinto ng bayan: at kanilang
isinaysay sa kanila, na sinasabi, Kami ay nagsiparoon sa
kampamento ng mga taga Siria, at, narito, walang lalake
roon ni tinig man ng lalake, kundi mga nakataling kabayo, at
mga asnong nangakatali, at ang mga tolda na gaya ng dati.
11 At tinawag niya ang mga tagatanod-pinto; at kanilang
sinaysay sa sangbahayan ng hari sa loob. 12 At ang hari ay
bumangon sa gabi, at nagsabi sa kaniyang mga lingkod,
Ipakikita ko sa inyo ngayon kung ano ang ginawa ng mga
taga Siria sa atin. Kanilang talastas na tayo'y gutom; kaya't
sila'y nagsilabas ng kampamento upang magsipangubli sa
parang, na nagsasabi, Pagka sila'y nagsilabas sa bayan,
ating kukunin silang buhay at papasok tayo sa bayan. 13
At isa sa kaniyang mga lingkod ay sumagot, at nagsabi,
Isinasamo ko sa inyo na kunin ng ilan ang lima sa mga
kabayong nalabi, na natira sa bayan (narito, sila'y gaya ng
buong karamihan ng Israel na natira roon; narito, sila'y gaya
ng buong karamihan ng Israel na nalipol: ) at tayo'y magsugo
at ating tingnan. 14 Sila nga'y nagsikuha ng dalawang karo
na may mga kabayo; at ang hari ay nagsugo na pinasundan
ang hukbo ng mga taga Siria, na nagsabi, Kayo ay yumaon
at tingnan ninyo. 15 At kanilang sinundan sila hanggang sa
Jordan; at, narito, ang buong daa'y puno ng mga kasuutan
at ng mga kasangkapan na mga inihagis ng mga taga Siria
sa kanilang pagmamadali. At ang mga sugo ay nagsibalik
at nagsaysay sa hari. 16 At ang bayan ay lumabas, at
sinamsaman ang kampamento ng mga taga Siria. Sa gayo'y
ang takal ng mainam na harina ay naipagbili ng isang siklo,

at ang dalawang takal ng sebada ay isang siklo, ayon sa
salita ng Panginoon. 17 At inihabilin ng hari sa punong kawal
na pinangangapitan niya, ang katungkulan sa pintuang-
bayan: at niyapakan siya ng bayan sa pintuang-bayan, at
siya'y namatay na gaya ng sinabi ng lalake ng Dios, na
nagsalita nang lusungin siya ng hari. 18 At nangyari, gaya ng
sinabi ng lalake ng Dios sa hari, na sinasabi, Ang dalawang
takal ng sebada ay maipagbibili isang siklo, at ang isang
takal ng mainam na harina ay isang siklo, mangyayari bukas
sa may ganitong oras sa pintuang-bayan ng Samaria; 19 At
ang punong kawal na yaon ay sumagot sa lalake ng Dios, at
nagsabi, Ngayon, narito, kung ang Panginoon ay gagawa
ng mga dungawan sa langit, mangyayari ba ang gayong
bagay? At kaniyang sinabi, Narito, makikita mo yaon ng
iyong mga mata, nguni't hindi ka kakain niyaon: 20 Nangyari
ngang gayon sa kaniya; sapagka't niyapakan siya ng bayan
sa pintuang-bayan, at siya'y namatay.

8 Nagsalita nga si Eliseo sa babae, na ang anak ay
kaniyang sinaulian ng buhay, na sinasabi, Ikaw ay
bumangon at yumaon ka at ang iyong sangbahayan, at
mangibang bayan ka kung saan ka makakapangibang
bayan: sapagka't nagtalaga ang Panginoon ng kagutom;
at magtatagal naman sa lupain na pitong taon. 2 At ang
babae ay bumangon, at ginawa ang ayon sa sinalita ng
lalake ng Dios: at siya'y yumaon na kasama ng kaniyang
sangbahayan, at nangibang bayan sa lupain ng mga Filisteo
na pitong taon. 3 At nangyari, sa katapusan ng ikapitong
taon, na ang babae ay bumalik na mula sa lupain ng mga
Filisteo: at siya'y lumabas upang dumaing sa hari dahil sa
kaniyang bahay at dahil sa kaniyang lupain. 4 Ang hari
nga'y nakipagusap kay Giezi na lingkod ng lalake ng Dios,
na sinasabi, Isinasamo ko sa iyo, na saysayin mo sa akin
ang lahat na mga dakilang bagay na ginawa ni Eliseo.
5 At nangyari, samantalang kaniyang sinasaysay sa hari
kung paanong kaniyang isinauli ang buhay niyaon na patay,
na narito, ang babae, na ang anak ay kaniyang sinaulian
ng buhay, ay dumaing sa hari dahil sa kaniyang bahay
at dahil sa kaniyang lupain. At sinabi ni Giezi, Panginoon
ko, Oh hari, ito ang babae, at ito ang kaniyang anak na
sinaulian ng buhay ni Eliseo. 6 At nang tanungin ng hari ang
babae, sinaysay niya sa kaniya. Sa gayo'y hinalalan ng hari
siya ng isang pinuno, na sinasabi, Isauli mo ang lahat ng
kaniya, at ang lahat ng bunga ng bukid mula nang araw na
kaniyang iwan ang lupain, hanggang ngayon. 7 At si Eliseo
ay naparoon sa Damasco; at si Ben-adad na hari sa Siria ay
may sakit: at nasaysay sa kaniya, na sinabi, Ang lalake ng
Dios ay naparito. 8 At sinabi ng hari kay Hazael, Magdala ka
ng isang kaloob sa iyong kamay, at yumaon kang salubungin
mo ang lalake ng Dios, at magusisa ka sa Panginoon sa
pamamagitan niya, na magsabi, Gagaling ba ako sa sakit na
ito? 9 Sa gayo'y naparoon na sinalubong siya ni Hazael,
at nagdala siya ng kaloob, ng bawa't mabuting bagay sa
Damasco, na apat na pung pasang kamelyo at naparoon at
tumayo sa harap niya, at nagsabi, Sinugo ako sa iyo ng anak
mong si Ben-adad na hari sa Siria, na sinasabi, Gagaling ba
ako sa sakit na ito? 10 At sinabi ni Eliseo sa kaniya, Ikaw
ay yumaon, sabihin mo sa kaniya, Walang pagsalang ikaw
ay gagaling? gayon ma'y ipinakilala sa akin ng Panginoon
na siya'y walang pagsalang mamamatay. 11 At kaniyang
itinitig ang kaniyang mukha, hanggang sa siya'y napahiya: at
ang lalake ng Dios ay umiyak. 12 At sinabi ni Hazael, Bakit
umiyak ang panginoon ko? At siya'y sumagot, Sapagka't
talastas ko ang kasamaan na iyong gagawin sa mga anak ni
Israel: ang kanilang mga katibayan ay iyong sisilaban ng
apoy, at ang kanilang mga binata ay iyong papatayin ng
tabak, at mga pagpuputol-putulin ang kanilang mga bata, at
iyong paluluwain ang bituka ng mga babaing buntis. 13 At
sinabi ni Hazael, Nguni't ano ang iyong lingkod na isang aso
lamang na kaniyang gagawin ang dakilang bagay na ito? At
sumagot si Eliseo, Ipinakilala sa akin ng Panginoon, na ikaw
ay magiging hari sa Siria. 14 Nang magkagayo'y nilisan niya
si Eliseo, at naparoon sa kaniyang panginoon; na nagsabi
sa kaniya, Ano ang sabi ni Eliseo sa iyo? At siya'y sumagot,
Kaniyang sinaysay sa akin na walang pagsalang ikaw ay
gagaling. 15 At nangyari, nang kinabukasan, na kaniyang
kinuha ang munting kumot at binasa sa tubig, at iniladlad sa
kaniyang mukha, na anopa't siya'y namatay: at si Hazael
ay naghari na kahalili niya. 16 At nang ikalimang taon ni
Joram na anak ni Achab na hari sa Israel, noong si Josaphat
ay hari sa Juda, ay nagpasimulang maghari si Joram na
anak ni Josaphat na hari sa Juda. 17 Tatlongpu't dalawang
taon ang gulang nang siya'y magpasimulang maghari; at
siya'y nagharing walong taon sa Jerusalem. 18 At siya'y
lumakad ng lakad ng mga hari sa Israel, gaya ng ginawa ng
sangbahayan ni Achab: sapagka't ang anak ni Achab ay
kaniyang asawa: at siya'y gumawa ng masama sa paningin
ng Panginoon. 19 Gayon ma'y hindi giniba ng Panginoon
ang Juda, dahil kay David na kaniyang lingkod gaya ng
kaniyang ipinangako sa kaniya na bibigyan siya ng isang
ilawan sa ganang kaniyang mga anak magpakailan man. 20
Sa kaniyang mga kaarawan ay nanghimagsik ang Edom na
humiwalay sa ilalim ng kapangyarihan ng kamay ng Juda,
at naghalal sila ng hari sa kanila. 21 Nang magkagayo'y
nagdaan si Joram sa Seir, at ang lahat niyang mga karo na
kasama niya: at siya'y bumangon sa gabi, at sinaktan ang
mga Edomeo na kumubkob sa kaniya, at ang mga punong
kawal ng mga karo; at ang bayan ay tumakas sa kanilang
mga tolda. 22 Sa gayo'y nanghimagsik ang Edom sa kamay

ng Juda, hanggang sa araw na ito. Nang magkagayo'y
nanghimagsik ang Libna nang panahon ding yaon. 23 At ang
iba sa mga gawa ni Joram, at ang lahat niyang ginawa di ba
nangasusulat sa aklat ng mga alaala sa mga hari sa Juda?
24 At si Joram ay natulog na kasama ng kaniyang mga
magulang, at nalibing na kasama ng kaniyang mga magulang
sa bayan ni David: at si Ochozias na kaniyang anak ay
naghari na kahalili niya. 25 Nang ikalabing dalawang taon ni
Joram na anak ni Achab na hari sa Israel ay nagpasimulang
maghari si Ochozias na anak ni Joram na hari sa Juda. 26
May dalawangpu't dalawang taon si Ochozias nang siya'y
magpasimulang maghari; at siya'y nagharing isang taon sa
Jerusalem. At ang pangalan ng kaniyang ina ay Athalia na
anak ni Omri na hari sa Israel. 27 At siya'y lumakad ng lakad
ng sangbahayan ni Achab; at gumawa ng kasamaan sa
paningin ng Panginoon, gaya ng ginawa ng sangbahayan
ni Achab: sapagka't siya'y manugang sa sangbahayan ni
Achab. 28 At siya'y yumaong kasama ni Joram na anak
ni Achab upang makipagdigma laban kay Hazael na hari
sa Siria sa Ramoth-galaad: at sinugatan ng mga taga
Siria si Joram. 29 At ang haring Joram ay bumalik upang
magpagaling sa Jezreel, ng mga sugat na isinugat sa kaniya
ng mga taga Siria sa Ramoth nang siya'y lumaban kay
Hazael na hari sa Siria. At si Ochozias na anak ni Joram na
hari sa Juda ay lumusong upang tingnan si Joram na anak
ni Achab sa Jezreel, sapagka't siya'y nasugatan.

**9** At tinawag ni Eliseo na propeta ang isa sa mga anak
ng mga propeta at nagsabi sa kaniya, Bigkisan mo ang
iyong mga balakang, at hawakan mo ang sisidlang ito ng
langis sa iyong kamay, at pumaroon ka sa Ramoth-galaad.
2 At pagdating mo roon, hanapin mo roon si Jehu na anak ni
Josaphat na anak ni Nimsi, at iyong pasukin at patayuin mo
sa gitna ng kaniyang mga kapatid, at dalhin mo siya sa isang
silid sa loob. 3 Kung magkagayo'y kunin mo ang sisidlan
ng langis, at ibuhos mo sa kaniyang ulo, at iyong sabihin,
Ganito ang sabi ng Panginoon, Pinahiran kita upang maging
hari sa Israel. Kung magkagayo'y buksan mo ang pintuan, at
ikaw ay tumakas at huwag kang maghintay. 4 Sa gayon
ang binata, sa makatuwid baga'y ang binatang propeta, ay
naparoon sa Ramoth-galaad. 5 At nang siya'y dumating,
narito; ang mga punong kawal ng hukbo ay nangakaupo: at
kaniyang sinabi, Ako'y may isang sadya sa iyo, Oh punong
kawal. At sinabi ni Jehu, Sa alin sa aming lahat? At kaniyang
sinabi, Sa iyo, Oh punong kawal. 6 At siya'y tumindig at
pumasok sa bahay, at kaniyang ibinuhos ang langis sa
kaniyang ulo, at nagsabi sa kaniya, Ganito ang sabi ng
Panginoon, ng Dios ng Israel. Aking pinahiran ka upang
maging hari sa bayan ng Panginoon, sa makatuwid baga'y
sa Israel. 7 At iyong sasaktan ang sangbahayan ni Achab
na iyong panginoon, upang aking ipaghiganti ang dugo ng
aking mga lingkod na mga propeta, at ang dugo ng lahat na
lingkod ng Panginoon sa kamay ni Jezabel. 8 Sapagka't ang
buong sangbahayan ni Achab ay malilipol: at aking ihihiwalay
kay Achab ang bawa't batang lalake, at ang nakulong at
ang naiwan sa kaluwangan sa Israel. 9 At aking gagawin
ang sangbahayan ni Achab na gaya ng sangbahayan ni
Jeroboam na anak ni Nabat, at gaya ng sangbahayan ni
Baasa na anak ni Ahia. 10 At lalapain ng mga aso si Jezabel
sa putol ng lupa ni Jezreel, at walang maglilibing sa kaniya.
At kaniyang binuksan ang pintuan, at tumakas. 11 Nang
magkagayon, nilabas ni Jehu ang mga lingkod ng kaniyang
panginoon: at sinabi ng isa sa kaniya, Lahat ba'y mabuti?
bakit naparito ang ulol na taong ito sa iyo? At sinabi niya sa
kanila, Inyong kilala ang lalake at ang kaniyang pananalita.
12 At kanilang sinabi, Kabulaanan nga; saysayin mo sa
amin ngayon. At kaniyang sinabi, Ganito't ganito ang sinalita
niya sa akin, na sinasabi, Ganito ang sabi ng Panginoon:
Pinahiran kita ng langis upang maging hari sa Israel. 13
Nang magkagayo'y sila'y nangagmadali, at kinuha ng bawa't
isa ang kaniyang kasuutan, at inilagay sa ilalim niya sa
ibabaw ng hagdan, at humihip ng pakakak, na nagsasabi, Si
Jehu ay hari. 14 Ganito, si Jehu na anak ni Josaphat, na
anak ni Nimsi, nanghimagsik laban kay Joram. (Iningatan
nga ni Joram ang Ramoth-galaad niya at ng buong Israel,
dahil kay Hazael na hari sa Siria; 15 Nguni't bumalik ang
haring Joram upang magpagaling sa Jezreel ng mga sugat
na isinugat sa kaniya ng mga taga Siria, nang siya'y lumaban
kay Hazael na hari sa Siria.) At sinabi ni Jehu, Kung ito ang
inyong isipan, huwag tumanan ang sinoman at lumabas
sa bayan, upang yumaon na saysayin sa Jezreel. 16 Sa
gayo'y sumakay si Jehu sa karo at naparoon sa Jezreel;
sapagka't si Joram ay nahihiga roon. At si Ochozias na
hari sa Juda ay bumaba upang tingnan si Joram. 17 Ang
tagatanod nga ay tumayo sa moog sa Jezreel, at kaniyang
tinanaw ang pulutong ni Jehu habang dumarating siya, at
nagsabi, Ako'y nakakakita ng isang pulutong. At sinabi ni
Joram, Kumuha ka ng isang mangangabayo, at iyong suguin
na salubungin sila, at magsabi, Kapayapaan ba? 18 Sa
gayo'y naparoon ang isa na nangangabayo na sinalubong
siya, at nagsabi, Ganito ang sabi ng hari, Kapayapaan ba?
At sinabi ni Jehu, Anong ipakikialam mo sa kapayapaan?
bumalik kang kasunod ko. At isinaysay ng tagatanod, na
sinasabi, Ang sugo ay dumating sa kanila, nguni't siya'y
hindi bumabalik. 19 Nang magkagayo'y nagsugo ng ikalawa
na nangangabayo na dumating sa kanila, at nagsabi, Ganito
ang sabi ng hari, Kapayapaan ba? At sumagot si Jehu,
Ano ang iyong ipakikialam sa kapayapaan? bumalik kang
kasunod ko. 20 At isinaysay ng tagatanod, na sinasabi,

Siya'y dumating hanggang sa kanila, at hindi bumabalik: at
ang pagpapatakbo ay gaya ng pagpapatakbo ni Jehu, na
anak ni Nimsi; sapagka't siya'y nagpapatakbo na magilas.
21 At sinabi ni Joram, Magsingkaw. At kanilang isiningkaw
ang kaniyang karo. At si Joram na hari sa Israel at si
Ochozias na hari sa Juda ay nagsilabas, bawa't isa sa
kaniyang karo, at sila'y nagsilabas upang salubungin si
Jehu, at nasumpungan nila siya sa putol ng lupa ni Naboth
na Jezreelita. 22 At nangyari, nang makita ni Joram si
Jehu, na kaniyang sinabi, Kapayapaan ba Jehu? At siya'y
sumagot. Anong kapayapaan, habang ang mga pakikiapid
ng iyong inang si Jezabel at ang kaniyang panggagaway
ay totoong lumalala? 23 At ipinihit ni Joram ang kaniyang
mga kamay, at tumakas, at nagsabi kay Ochozias. May
paglilo, Oh Ochozias. 24 At binunot ni Jehu ang kaniyang
busog ng kaniyang buong lakas, at sinaktan si Joram sa
pagitan ng kaniyang mga balikat, at ang pana ay lumagpas
sa kaniyang puso, at siya'y nabuwal sa kaniyang karo. 25
Nang magkagayo'y sinabi ni Jehu kay Bidkar na kaniyang
punong kawal: Itaas mo, at ihagis mo sa bahagi ng bukid
ni Naboth na Jezreelita: sapagka't alalahanin mo kung
paanong ako't ikaw ay sumakay na magkasama na kasunod
ni Achab na kaniyang ama, na ipinasan ng Panginoon ang
pasang ito sa kaniya; 26 Tunay na aking nakita kahapon
ang dugo ni Naboth, at ang dugo ng kaniyang mga anak,
sabi ng Panginoon; at aking sisiyasatin sa iyo sa panig na
ito, sabi ng Panginoon. Ngayon nga'y kunin mo, at ihagis
mo sa panig ng lupa, ayon sa salita ng Panginoon. 27
Nguni't nang makita ito ni Ochozias na hari sa Juda, siya'y
tumakas sa daan ng bahay sa halamanan. At si Jehu ay
sumunod sa kaniya, at nagsabi, Saktan mo rin siya sa karo:
at sinaktan nila siya sa ahunan sa Gur, na nasa siping ng
Ibleam. At siya'y tumakas na napatungo sa Megiddo, at
namatay roon. 28 At dinala siya ng kaniyang mga lingkod
sa isang karo sa Jerusalem, at inilibing siya sa kaniyang
libingan na kasama ng kaniyang mga magulang sa bayan ni
David. 29 At nang ikalabing isang taon ni Joram na anak
ni Achab ay nagpasimulang maghari si Ochozias sa Juda.
30 At nang si Jehu ay dumating sa Jezreel nabalitaan ni
Jezabel; at kaniyang kinulayan ang kaniyang mga mata, at
ginayakan ang kaniyang ulo, at dumungaw sa dungawan.
31 At samantalang si Jehu ay pumapasok sa pintuang-
bayan, kaniyang sinabi, Kapayapaan ba ikaw Zimri, ikaw na
mamamatay sa iyong Panginoon? 32 At kaniyang itiningala
ang kaniyang mukha sa dungawan, at nagsabi, Sino ang
sa ganang akin? sino? At dinungaw siya ng dalawa o
tatlong bating. 33 At kaniyang sinabi, Ibagsak ninyo siya. Sa
gayo'y ibinagsak nila siya: at ang iba sa kaniyang dugo ay
pumilansik sa pader, at sa mga kabayo: at siya'y kaniyang
niyapakan ng paa. 34 At pagkapasok niya, siya'y kumain
at uminom; at kaniyang sinabi, Tingnan ninyo ngayon ang
sinumpang babaing ito, at ilibing ninyo siya: sapagka't anak
ng hari. 35 At sila'y nagsiyaon upang ilibing siya: nguni't
wala na silang nasumpungan sa kaniya kundi ang bungo, at
ang mga paa, at ang mga palad ng kaniyang mga kamay. 36
Kaya't sila'y nagsibalik, at isinaysay sa kaniya. At kaniyang
sinabi, Ito ang salita ng Panginoon, na kaniyang sinalita sa
pamamagitan ng kaniyang lingkod na si Elias na Thisbita, na
sinasabi, Sa bahagi ng Jezreel kakanin ng mga aso ang
laman ni Jezabel: 37 At ang bangkay ni Jezabel ay magiging
gaya ng dumi na itinapon sa ibabaw ng bukid sa bahagi ng
Jezreel; na anopa't hindi nila sasabihin, Ito'y si Jezabel.

**10** Si Achab nga'y may pitong pung anak sa Samaria. At
sumulat si Jehu ng mga sulat, at ipinadala sa Samaria,
sa mga pinuno sa Jezreel, sa makatuwid baga'y sa mga
matanda, at sa kanila na tagapagalaga sa mga anak ni
Achab, na nagsasabi, 2 At pagdating nga ng sulat na ito
sa inyo, sa paraang ang mga anak ng inyong panginoon
ay kasama ninyo, at mayroon kayong mga karo at mga
kabayo, at bayan na nakukutaan naman, at sakbat; 3 Piliin
ninyo ang pinaka mainam at ang pinaka marapat sa mga
anak ng inyong panginoon, at iupo ninyo sa luklukan ng
kaniyang ama, at ipakipaglaban ang sangbahayan ng inyong
panginoon. 4 Nguni't sila'y natakot na mainam, at nagsabi,
Narito, ang dalawang hari ay hindi nagsitayo sa harap
niya: paano ngang tayo'y tatayo? 5 At ang katiwala, at ang
tagapamahala ng bayan, gayon din ang mga matanda, at
ang mga tagapagalaga sa mga bata, ay nagsipagsugo kay
Jehu, na nagsisipagsabi, Kami ay iyong mga lingkod, at
gagawin namin ang lahat na iyong iuutos sa amin; hindi
namin gagawing hari ang sinoman; gawin mo ang mabuti
sa iyong mga mata. 6 Nang magkagayo'y sumulat siya
ng isang sulat na ikalawa sa kanila, na nagsasabi, Kung
kayo'y sasa aking siping, at kung inyong didinggin ang
aking tinig, kunin ninyo ang mga ulo ng mga lalake na
mga anak ng inyong panginoon, at magsiparito kayo sa
akin sa Jezreel sa kinabukasan sa may ganitong panahon.
Ang mga anak nga ng hari, yamang pitong pung katao
ay nangasa kasamahan ng mga dakilang tao sa bayan,
na nagalaga sa kanila. 7 At nangyari, nang ang sulat ay
dumating sa kanila, na kanilang kinuha ang mga anak ng
hari, at pinagpapatay sila, pitongpung katao, at inilagay ang
kanilang mga ulo sa mga batulang na ipinadala sa kaniya
sa Jezreel. 8 At dumating ang isang sugo, at isinaysay
sa kaniya, na sinasabi, Kanilang dinala ang mga ulo ng
mga anak ng hari. At kaniyang sinabi, Inyong ihanay ng
dalawang bunton sa pasukan ng pintuang-bayan hanggang
sa kinaumagahan. 9 At nangyari, sa kinaumagahan, na siya'y

lumabas, at tumayo, at nagsabi sa buong bayan, Kayo'y mga
matuwid: narito, aking pinagbantaan ang aking panginoon,
at pinatay siya, nguni't sinong sumakit sa lahat ng ito? 10
Talastasin ninyo ngayon na walang mahuhulog sa lupa sa
salita ng Panginoon, na sinalita ng Panginoon tungkol sa
sangbahayan ni Achab: sapagka't ginawa ng Panginoon ang
kaniyang sinalita sa pamamagitan ng kaniyang lingkod na si
Elias. 11 Sa gayo'y sinaktan ni Jehu ang lahat na nalabi
sa sangbahayan ni Achab sa Jezreel, at ang lahat niyang
dakilang tao, at ang kaniyang mga kasamasamang kaibigan,
at ang kaniyang mga saserdote, hanggang sa wala siyang
inilabi. 12 At siya'y nagtindig at yumaon, at naparoon sa
Samaria. At samantalang siya'y nasa pagupitang-bahay ng
mga pastor sa daan, 13 Ay nasalubong ni Jehu ang mga
kapatid ni Ochozias na hari sa Juda, at sinabi, Sino kayo? At
sila'y nagsisagot, Kami ay mga kapatid ni Ochozias: at kami
ay nagsilusong upang magsibati sa mga anak ng hari at
mga anak ng reina. 14 At kaniyang sinabi, Hulihin ninyo
silang buhay. At hinuli nila silang buhay, at pinatay sa hukay
ng pagupitang-bahay, sa makatuwid baga'y apat na pu't
dalawang lalake; hindi nagiwan ng sinoman sa kanila. 15 At
nang siya'y makayaon mula roon, kaniyang nasumpungan si
Jonadab na anak ni Rechab na sumasalubong sa kaniya:
at kaniyang binati siya, at nagsabi sa kaniya, Ang iyo
bang puso ay tapat, na gaya ng aking puso sa iyong
puso? At sumagot si Jonadab, Tapat. Kung gayon, iabot
mo sa akin ang iyong kamay. At iniabot niya sa kaniya
ang kaniyang kamay; at isinampa niya siya sa loob ng
karo. 16 At kaniyang sinabi, Sumama ka sa akin at tingnan
mo ang aking sikap sa Panginoon. Sa gayo'y kanilang
pinasakay sila sa kaniyang karo. 17 At nang siya'y dumating
sa Samaria, kaniyang sinaktan ang lahat na nalabi kay
Achab sa Samaria, hanggang sa kaniyang naibuwal siya,
ayon sa salita ng Panginoon, na kaniyang sinalita kay Elias.
18 At pinisan ni Jehu ang buong bayan, at sinabi sa kanila,
Si Achab ay naglingkod kay Baal ng kaunti: nguni't si Jehu
ay maglilingkod sa kaniya ng marami. 19 Ngayon nga'y
tawagin ninyo sa akin ang lahat na propeta ni Baal, ang lahat
niyang mananamba, at ang lahat niyang mga saserdote;
huwag may magkulang; sapagka't mayroon akong dakilang
haing gagawin kay Baal; sinomang magkulang ay hindi
mabubuhay. Nguni't ginawa ni Jehu na may katusuhan,
na ang nasa ay kaniyang malipol ang mga mananamba
kay Baal. 20 At sinabi ni Jehu, Magdaos kayo ng isang
dakilang kapulungan kay Baal. At kanilang itinanyag yaon.
21 At nagsugo si Jehu sa buong Israel, at ang lahat ng
mananamba kay Baal ay nagsiparoon, na anopa't walang
naiwan na hindi naparoon. At sila'y nagsipasok sa bahay ni
Baal; at ang bahay ni Baal ay napuno sa magkabikabilang
dulo. 22 At sinabi niya sa kaniya na katiwala sa bihisang-silid,
Ilabas mo ang mga kasuutang para sa lahat na mananamba
kay Baal. At nilabasan niya sila ng mga kasuutan. 23 At
si Jehu, at si Jonadab na anak ni Rechab, ay pumasok
sa bahay ni Baal; at kaniyang sinabi sa mga mananamba
kay Baal, Kayo'y magsihanap, at magsipagmasid kayo na
huwag magkaroon sa kasamahan ninyo ng mga lingkod
ng Panginoon, kundi mga mananamba kay Baal lamang.
24 At sila'y nagsipasok na nangaghandog ng mga hain at
ng mga handog na susunugin. Si Jehu nga ay naghalal
para sa kaniya ng walongpung lalake sa labas, at nagsabi,
Kung sinoman sa mga lalake na aking dalhin sa inyong
mga kamay ay makatanan ang buhay ng nagpakawala ay
isasagot sa buhay niyaon. 25 At nangyari, pagkatapos niyang
makapaghandog ng mga handog na susunugin, na sinabi ni
Jehu sa bantay at sa mga punong kawal, Kayo'y magsipasok
at inyo silang patayin; huwag makalabas ang sinoman. At
sinaktan nila sila ng talim ng tabak; at inihagis sila sa labas
ng bantay, at ng mga punong kawal, at nagsiparoon sa
bayan ng bahay ni Baal. 26 At kanilang inilabas ang mga
haligi na pinakaalaala na nasa bahay ni Baal, at pinagsunog.
27 At kanilang sinira ang haligi na pinakaalaala kay Baal, at
sinira ang bahay ni Baal, at ginawang bahay na tapunan ng
dumi, hanggang sa araw na ito. 28 Ganito ibinuwal ni Jehu
si Baal, sa Israel. 29 Gayon ma'y ang mga kasalanan ni
Jeroboam na anak ni Nabat, na kaniyang pinapagkasala
sa Israel, hindi mga hiniwalayan ni Jehu, sa makatuwid
baga'y ang pagsunod sa mga guyang ginto na nangasa
Beth-el, at nangasa Dan. 30 At sinabi ng Panginoon kay
Jehu, Sapagka't ikaw ay gumawa ng mabuti sa paggawa
ng matuwid sa harap ng aking mga mata, at iyong ginawa
sa sangbahayan ni Achab ang ayon sa nasa aking buong
puso, ang iyong mga anak sa ikaapat na lahi ay uupo sa
luklukan ng Israel. 31 Nguni't si Jehu ay hindi nagingat na
lumakad sa kautusan ng Panginoon, na Dios ng Israel,
ng kaniyang buong puso: siya'y hindi humiwalay sa mga
kasalanan ni Jeroboam, na kaniyang ipinagkasala sa Israel.
32 Nang mga araw na yaon ay pinasimulan ng Panginoon na
pinaikli ang Israel: at sinaktan sila ni Hazael sa lahat ng
mga hangganan ng Israel; 33 Mula sa Jordan, hanggang sa
silanganan, ang buong lupain ng Galaad, ang mga Gadita,
at ang mga Rubenita at ang mga Manasita, mula sa Aroer,
na nasa siping ng libis ng Arnon, hanggang sa Galaad
at Basan. 34 Ang iba nga sa mga gawa ni Jehu, at ang
lahat niyang ginawa, at ang buo niyang kapangyarihan, di
ba nangasusulat sa aklat ng mga alaala sa mga hari sa
Israel? 35 At si Jehu ay natulog na kasama ng kaniyang mga
magulang: at inilibing nila siya sa Samaria. At si Joachaz
na kaniyang anak ay naghari na kahalili niya. 36 At ang

panahon na ipinaghari ni Jehu sa Israel sa Samaria ay
dalawangpu't walong taon.

**11** Nang makita nga ni Athalia na ina ni Ochozias na
ang kaniyang anak ay patay, siya'y tumindig at nilipol
ang lahat na lahing hari. 2 Nguni't kinuha ni Josaba, na
anak na babae ng haring Joram, na kapatid na babae ni
Ochozias, si Joas na anak ni Ochozias, at kinuhang lihim
siya sa gitna ng mga anak ng hari na nangapatay, siya, at
ang kaniyang yaya, at inilagay sila sa silid na tulugan; at
kaniyang ikinubli siya kay Athalia, na anopa't siya'y hindi
napatay. 3 At siya'y nakakubling kasama niya sa bahay ng
Panginoon na anim na taon: at si Athalia ay naghari sa
lupain. 4 At nang ikapitong taon, si Joiada ay nagsugo, at
kinuha ang mga punong kawal ng dadaanin, sa mga Cariteo,
at sa bantay, at ipinagsama niya sa bahay ng Panginoon; at
siya'y nakipagtipan sa kanila, at pinasumpa sila sa bahay ng
Panginoon, at ipinakita sa kanila ang anak ng hari; 5 At
kaniyang iniutos sa kanila, na sinasabi, ito ang bagay na
inyong gagawin: ang ikatlong bahagi ninyo na papasok sa
sabbath ay magiging bantay sa bahay ng hari; 6 At ang
ikatlong bahagi ay malalagay sa pintuang-bayan ng Sur;
at ang ikatlong bahagi ay sa pintuang-bayan sa likod ng
bantay: gayon kayo magbabantay sa bahay, at magiging
hadlang. 7 At ang dalawang pulutong ninyo, sa makatuwid
baga'y ang lahat na nagsilabas sa sabbath, ay magbabantay
ng bahay ng Panginoon sa palibot ng hari. 8 At inyong
kukulungin ang hari sa palibot, na bawa't isa'y may dalang
kaniyang mga sandata sa kaniyang kamay; at ang pumasok
sa hanay, patayin: at kayo'y magsiabay sa hari pagka siya'y
lumalabas, at pagka siya'y pumapasok. 9 At ginawa ng mga
punong kawal ng dadaanin ang ayon sa lahat na iniutos
ni Joiada na saserdote: at kinuha ng bawa't lalake ang
kaniyang mga lalake, yaong nagsisipasok sa sabbath na
kasama ng mga nagsisilabas sa sabbath, at nagsiparoon
kay Joiada na saserdote. 10 At ibinigay ng saserdote sa
mga punong kawal ng dadaanin ang mga sibat at ang mga
kalasag na naging sa haring David, na nangasa bahay
ng Panginoon. 11 At ang bantay ay tumayo, bawa't isa'y
may kaniyang mga sandata sa kaniyang kamay, mula sa
dakong kanan ng bahay hanggang sa dakong kaliwa ng
bahay, sa siping ng dambana at ng bahay, sa siping ng hari
sa palibot. 12 Nang magkagayo'y inilabas niya ang anak
ng hari, at inilagay niya ang putong sa kaniya, at binigyan
siya ng patotoo; at ginawa nila siyang hari, at pinahiran
siya ng langis; at kanilang ipinakpak ang kanilang mga
kamay, at nagsipagsabi, Mabuhay ang hari. 13 At nang
marinig ni Athalia ang ingay ng bantay at ng bayan, ay
naparoon siya sa bayan sa loob ng bahay ng Panginoon. 14
At siya'y tumingin, at, narito, ang hari ay nakatayo sa siping
ng haligi ayon sa kaugalian, at ang mga punong kawal at
ang mga pakakak sa siping ng hari; at ang buong bayan
ng lupain ay nagalak, at humihip ng mga pakakak. Nang
magkagayo'y hinapak ni Athalia ang kaniyang kasuutan, at
humiyaw Paglililo! paglililo! 15 At si Joiada na saserdote ay
nagutos sa mga punong kawal ng dadaanin na nalalagay
sa hukbo, at nagsabi sa kanila, Palabasin ninyo siya sa
pagitan ng mga hanay, at ang sumunod sa kaniya, patayin
ng tabak: sapagka't sinabi ng saserdote, Huwag patayin
siya sa bahay ng Panginoon. 16 Sa gayo'y binigyang daan
nila siya, at siya'y naparoon sa daan na pinapasukan ng
mga kabayo sa bahay ng hari; at doon siya pinatay. 17 At
si Joiada ay nakipagtipan sa Panginoon at sa hari at sa
bayan, na sila'y magiging bayan ng Panginoon; gayon din
sa hari at sa bayan. 18 At ang buong bayan ng lupain ay
naparoon sa bahay ni Baal, at ibinagsak; ang kaniyang mga
dambana at ang kaniyang mga larawan ay pinagputolputol
nilang mainam, at pinatay si Mathan na saserdote ni Baal
sa harap ng mga dambana. At ang saserdote ay naghalal
ng mga katiwala sa bahay ng Panginoon. 19 At kaniyang
ipinagsama ang mga punong kawal ng mga dadaanin, at ang
mga Cariteo, at ang bantay, at ang buong bayan ng lupain;
at kanilang ibinaba ang hari mula sa bahay ng Panginoon, at
nagsipagdaan sa pintuang-bayan ng bantay hanggang sa
bahay ng hari. At siya'y naupo sa luklukan ng mga hari.
20 Sa gayo'y ang buong bayan ng lupain ay nagalak, at
ang bayan ay tahimik. At pinatay nila ng tabak si Athalia
sa bahay ng hari. 21 Si Joas ay may pitong taon nang
magpasimulang maghari.

**12** Nang ikapitong taon ni Jehu ay nagpasimulang maghari
si Joas: at siya'y nagharing apat na pung taon sa
Jerusalem: at ang pangalan ng kaniyang ina ay Sibia na
taga Beerseba. 2 At gumawa si Joas ng matuwid sa harap
ng mga mata ng Panginoon, sa lahat ng kaniyang kaarawan
na ipinagturo sa kaniya ni Joiada na saserdote. 3 Gayon
ma'y ang mga mataas na dako ay hindi inalis: ang bayan
ay nagpatuloy na naghain at nagsunog ng kamangyan sa
mga mataas na dako. 4 At sinabi ni Joas sa mga saserdote,
Ang buong salapi ng mga bagay na itinalaga na napasok sa
bahay ng Panginoon, na karaniwang salapi, na salapi na
inihalaga sa mga pagkatao na hiniling sa bawa't isa, at ang
buong salapi na nagudyok sa puso ng sinomang lalake na
dalhin sa bahay ng Panginoon. 5 Kunin ng mga saserdote,
ng bawa't isa sa kaniyang kakilala: at kanilang huhusayin ang
mga sira ng bahay saan man makakasumpong ng anomang
sira. 6 Nguni't nangyari, nang ikadalawangpu't tatlong taon
ng haring si Joas, na hindi hinusay ng mga saserdote ang
mga sira ng bahay. 7 Nang magkagayo'y tinawag ng haring
si Joas si Joiada na saserdote, at ang ibang mga saserdote,

at sinabi sa kanila, Bakit hindi ninyo hinuhusay ang mga sira
ng bahay? ngayon nga'y huwag na kayong magsikuha pa
ng salapi sa inyong mga kakilala, kundi inyong ibigay para
sa mga sira ng bahay. **8** At pinayagan ng mga saserdote
na huwag na silang magsikuha pa ng salapi sa bayan, o
husayin man ang mga sira ng bahay. **9** Nguni't si Joiada na
saserdote ay kumuha ng isang kaban, at binutasan ang takip
niyaon, at inilagay sa tabi ng dambana sa dakong kanan ng
pumapasok sa bahay ng Panginoon: at isinilid doon ng mga
saserdote na tagatanod-pinto ang buong salapi na dinala sa
bahay ng Panginoon. **10** At nagkagayon, nang makita nila
na maraming salapi sa kaban, na ang kalihim ng hari at
ang dakilang saserdote ay sumampa, at kanilang isinilid sa
mga supot at binilang ang salapi na nasumpungan sa bahay
ng Panginoon. **11** At ibinigay nila ang salapi na tinimbang
sa mga kamay nila na gumawa ng gawain, na siyang mga
tagapangasiwa sa bahay ng Panginoon; at kanilang ibinayad
sa mga anluwagi at sa mga manggagawa, na gumawa
sa bahay ng Panginoon, **12** At sa mga mangdadaras ng
bato, at sa mga mananabas ng bato, at sa pagbili ng mga
kahoy, at mga batong tabas upang husayin ang mga sira
ng bahay ng Panginoon, at sa lahat sa magugugol sa
bahay upang husayin. **13** Nguni't walang ginawa para sa
bahay ng Panginoon na mga tasang pilak, mga gunting,
mga mangkok, mga pakakak, anomang mga kasangkapang
ginto, o mga kasangkapang pilak, sa salapi na napasok sa
bahay ng Panginoon: **14** Sapagka't kanilang ibinigay yaon sa
kanila na nagsigawa ng gawain, at ipinaghusay ng bahay
ng Panginoon. **15** Bukod dito'y hindi sila nangakikipagtuos
sa mga lalake, na pinagabutan nila sa kamay ng salapi
upang ibigay sa nagsisigawa ng gawain: sapagka't sila'y
nagsisigawang may pagtatapat. **16** Ang salaping handog
dahil sa pagkakasala, at ang salaping handog dahil sa
kasalanan, ay hindi ipinasok sa bahay ng Panginoon: yao'y
sa mga saserdote nga. **17** Nang magkagayo'y si Hazael na
hari sa Siria ay umahon, at lumaban sa Gath, at sinakop
yaon: at itinanaw ni Hazael ang kaniyang mukha upang
umahon sa Jerusalem. **18** At kinuha ni Joas sa hari sa Juda
ang lahat na bagay na itinalaga ni Josaphat, at ni Joram, at
ni Ochozias, na kaniyang mga magulang, na mga hari sa
Juda, at ang kaniyang mga itinalagang bagay, at ang lahat
na ginto na masusumpungan sa mga kayamanan ng bahay
ng Panginoon, at ng bahay ng hari, at ipinadala kay Hazael
na hari sa Siria: at siya'y umalis sa Jerusalem. **19** Ang iba
nga sa mga gawa ni Joas, at ang lahat niyang ginawa, di
ba nangasusulat sa aklat ng mga alaala sa mga hari sa
Juda? **20** At ang kaniyang mga lingkod ay nagsibangon,
at nagsipagbanta, at sinaktan si Joas sa bahay sa Millo,
sa daan na palusong sa Silla. **21** Sapagka't sinaktan siya
ni Josachar na anak ni Simaath, at ni Jozabad na anak
ni Somer, na kaniyang mga lingkod, at siya'y namatay; at
inilibing nila siya na kasama ng kaniyang mga magulang sa
bayan ni David: at naghari si Amasias na kaniyang anak na
kahalili niya.

**13** Nang ikadalawangpu't tatlong taon ni Joas na anak ni
Ochozias na hari sa Juda, nagpasimulang maghari si
Joachaz na anak ni Jehu sa Israel sa Samaria, at nagharing
labing pitong taon. **2** At gumawa siya ng masama sa paningin
ng Panginoon, at sumunod sa mga kasalanan ni Jeroboam
na anak ni Nabat, na kaniyang ipinapagkasala sa Israel; hindi
niya hiniwalayan ang mga yaon. **3** At ang galit ng Panginoon
ay nagalab laban sa Israel, at palagi niyang ibinigay sila
sa kamay ni Hazael na hari sa Siria, at sa kamay ni Ben-
adad na anak ni Hazael. **4** At si Joachaz ay dumalangin sa
Panginoon, at dininig siya ng Panginoon: sapagka't nakita
niya ang kapighatian ng Israel, kung paanong inapi sila ng
hari sa Siria. **5** (At binigyan ng Panginoon ang Israel ng isang
tagapagligtas, na anopa't sila'y nagsilabas na mula sa kamay
ng mga taga Siria: at ang mga anak ni Israel ay nagsitahan
sa kanilang mga tolda, gaya ng dati. **6** Gayon ma'y hindi
sila nagsihiwalay sa mga kasalanan ng sangbahayan ni
Jeroboam, na ipinapagkasala sa Israel, kundi nilakaran nila:
at nalabi ang Asera naman na Samaria). **7** Sapagka't hindi
siya nagiwan kay Joachaz sa mga tao liban sa limangpung
nangangabayo, at sangpung karo, at sangpung libong taong
lakad; sapagka't nilipol sila ng hari sa Siria, at ginawa silang
parang alabok sa giikan. **8** Ang iba nga sa mga gawa
ni Joachaz, at ang lahat niyang ginawa, at ang kaniyang
kapangyarihan, di ba nangasusulat sa aklat ng mga alaala
sa mga hari sa Israel? **9** At si Joachaz ay natulog na kasama
ng kaniyang mga magulang: at inilibing nila siya sa Samaria:
at si Joas na kaniyang anak ay naghari na kahalili niya. **10**
Nang ikatatlongpu't pitong taon ni Joas na hari sa Juda ay
nagpasimula si Joas na anak ni Joachaz na maghari sa
Israel sa Samaria, at nagharing labing anim na taon. **11** At
siya'y gumawa ng masama sa paningin ng Panginoon; siya'y
hindi humiwalay sa lahat na kasalanan ni Jeroboam na
anak ni Nabat, na kaniyang ipinapagkasala sa Israel; kundi
kaniyang nilakaran. **12** Ang iba nga sa mga gawa ni Joas, at
ang lahat niyang ginawa, at ang kaniyang kapangyarihan
na kaniyang ipinakipaglaban kay Amasias na hari sa Juda,
hindi ba nangasusulat sa aklat ng mga alaala sa mga hari sa
Israel? **13** At si Joas ay natulog na kasama ng kaniyang mga
magulang; at si Jeroboam ay naupo sa kaniyang luklukan; at
si Joas ay nalibing sa Samaria na kasama ng mga hari sa
Israel. **14** Si Eliseo nga ay nagkasakit ng sakit na kaniyang
ikinamatay: at binaba siya at iniyakan siya ni Joas na hari sa
Israel, at nagsabi, Ama ko, ama ko, ang mga karo ng Israel

at ang mga nangangabayo niyaon! 15 At sinabi ni Eliseo sa
kaniya, Kumuha ka ng busog at mga pana: at siya'y kumuha
ng busog at mga pana. 16 At sinabi niya sa hari sa Israel,
Ilagay mo ang iyong kamay sa busog: at inilagay niya ang
kaniyang kamay roon. At inilagay ni Eliseo ang kaniyang mga
kamay sa mga kamay ng hari. 17 At kaniyang sinabi, Buksan
mo ang dungawan sa dakong silanganan: at binuksan niya.
Nang magkagayo'y sinabi ni Eliseo, Magpahilagpos ka: at
siya'y nagpahilagpos. At kaniyang sinabi, Ang pana nga
ng pagtatagumpay ng Panginoon, sa makatuwid baga'y
ang pana ng pagtatagumpay sa Siria: sapagka't iyong
sasaktan ang mga taga Siria sa Aphec, hanggang sa iyong
mangalipol. 18 At kaniyang sinabi, Tangnan mo ang mga
pana: at tinangnan niya ang mga yaon. At sinabi niya sa hari
sa Israel, Humampas ka sa lupa: at siya'y humampas na
makaitlo, at tumigil. 19 At ang lalake ng Dios ay naginit sa
kaniya, at nagsabi, Marapat nga sana na iyong hampasing
makalima o makaanim; sinaktan mo nga sana ang Siria
hanggang sa iyong nalipol: kaya't ngayo'y sasaktan mo
ang Siria na makaitlo lamang. 20 At namatay si Eliseo,
at kanilang inilibing siya. Ang mga pulutong nga ng mga
Moabita ay nagsilusob sa lupain sa pagdating ng taon. 21 At
nangyari, samantalang kanilang inililibing ang isang lalake,
na, narito, kanilang natanaw ang isang pulutong; at kanilang
inihagis ang lalake sa libingan ni Eliseo: at pagkasagi ng
tao ng mga buto ni Eliseo, siya'y nabuhay uli, at tumayo
sa kaniyang mga paa. 22 At pinighati ni Hazael na hari sa
Siria ang Israel sa lahat ng kaarawan ni Joachaz. 23 Nguni't
ang Panginoo'y naawa sa kanila at nahabag sa kanila, at
kaniyang pinakundanganan sila, dahil sa kaniyang tipan kay
Abraham, kay Isaac, at kay Jacob, at hindi nilipol sila o
pinalayas man sila sa kaniyang harapan hanggang noon. 24
At si Hazael na hari sa Siria ay namatay; at si Ben-adad na
kaniyang anak ay naghari na kahalili niya. 25 At inalis uli ni
Joas na anak ni Joachaz sa kamay ni Ben-adad na anak
ni Hazael ang mga bayan na kaniyang inalis sa kamay ni
Joachaz na kaniyang ama sa pakikipagdigma. Makaitlong
sinaktan siya ni Joas, at binawi ang mga bayan ng Israel.

**14** Nang ikalawang taon ni Joas na anak ni Joachaz na
hari sa Israel ay nagpasimula si Amasias na anak ni
Joas na hari sa Juda na maghari. 2 Siya'y may dalawangpu't
limang taon nang siya'y magpasimulang maghari; at siya'y
nagharing dalawangpu't siyam na taon sa Jerusalem: at ang
pangalan ng kaniyang ina ay Joaddan na taga Jerusalem.
3 At siya'y gumawa ng matuwid sa harap ng mga mata
ng Panginoon, gayon man di gaya ni David na kaniyang
magulang: kaniyang ginawa ang ayon sa lahat na ginawa ni
Joas na kaniyang ama. 4 Gayon ma'y ang mga mataas na
dako ay hindi inalis: ang bayan ay nagpatuloy na naghain at
nagsunog ng kamangyan sa mga mataas na dako. 5 At
nangyari, pagkatatag ng kaharian sa kaniyang kamay, na
kaniyang pinatay ang kaniyang mga lingkod na nagsipatay
sa hari na kaniyang ama. 6 Nguni't ang mga anak ng
mga mamamatay tao ay hindi niya pinatay; ayon doon sa
nasusulat sa aklat ng kautusan ni Moises, gaya ng iniutos ng
Panginoon, na sinasabi, Ang mga ama ay hindi papatayin
dahil sa mga anak, o ang mga anak man ay papatayin
dahil sa mga ama; kundi bawa't tao ay mamamatay dahil
sa kaniyang sariling kasalanan. 7 Siya'y pumatay sa mga
Idumeo ng sangpung libo sa Libis ng Asin, at sinakop ang
Sela sa pakikipagdigma, at pinanganlang Jocteel, hanggang
sa araw na ito. 8 Nang magkagayo'y nagsugo ng mga sugo
si Amasias kay Joas na anak ni Joachaz na anak ni Jehu,
na hari sa Israel, na sinasabi, Halika, tayo'y magtitigan, 9
At si Joas na hari sa Israel ay nagsugo kay Amasias na
hari sa Juda, na nagsasabi, Ang dawag na nasa Libano ay
nagsugo sa sedro na nasa Libano, na nagsasabi, Ibigay
mong asawa ang iyong anak na babae sa aking anak: at
nagdaan ang isang mabangis na hayop na nasa Libano,
at niyapakan ang dawag. 10 Iyong tunay na sinaktan ang
Edom, at pinapagmataas ka ng iyong puso: lumuwalhati ka
nawa, at tumahan sa bahay: sapagka't bakit ka nakikialam
sa ikasasama, upang ikaw ay mabuwal, ikaw, at ang Juda
na kasama mo? 11 Nguni't hindi dininig ni Amasias. Sa
gayo'y umahon si Joas na hari sa Israel; at siya, at si
Amasias na hari sa Juda ay nagtitigan sa Beth-semes,
na ukol sa Juda. 12 At ang Juda ay napariwara sa harap
ng Israel; at sila'y tumakas bawa't isa sa kaniyang tolda.
13 At kinuha ni Joas na hari sa Israel si Amasias na hari
sa Juda, na anak ni Joas na anak ni Ochozias, sa Beth-
semes, at naparoon sa Jerusalem, at ibinagsak ang kuta ng
Jerusalem mula sa pintuang-bayan ng Ephraim hanggang
sa pintuang-bayan ng sulok, na apat na raang siko. 14 At
kinuha niya ang lahat na ginto at pilak, at ang lahat na
kasangkapan na masumpungan sa bahay ng Panginoon, at
sa mga kayamanan ng bahay ng hari, pati ng mga sanglang
tao at bumalik sa Samaria. 15 Ang iba nga sa mga gawa ni
Joas na kaniyang ginawa, at ang kaniyang kapangyarihan,
at kung paanong siya'y lumaban kay Amasias na hari sa
Juda, di ba nangasusulat sa aklat ng mga alaala sa mga
hari sa Israel? 16 At natulog si Joas na kasama ng kaniyang
mga magulang, at nalibing sa Samaria na kasama ng mga
hari sa Israel; at si Jeroboam na kaniyang anak ay naghari
na kahalili niya. 17 At si Amasias na anak ni Joas na hari sa
Juda ay nabuhay pagkamatay ni Joas na anak ni Joachaz
na hari sa Israel, na labing limang taon. 18 Ang iba nga
sa mga gawa ni Amasias, di ba nangasusulat sa aklat ng
mga alaala sa mga hari sa Juda? 19 At sila'y nagsipagbanta

laban sa kaniya sa Jerusalem; at siya'y tumakas sa Lachis:
nguni't pinasundan nila siya sa Lachis, at pinatay siya
roon. 20 At dinala nila siya na nakapatong sa mga kabayo:
at siya'y nalibing sa Jerusalem na kasama ng kaniyang
mga magulang sa bayan ni David. 21 At kinuha ng buong
bayan ng Juda si Azarias na may labing anim na taon,
at ginawa siyang hari na kahalili ng kaniyang ama na si
Amasias. 22 Kaniyang itinayo ang Elath, at isinauli sa Juda
pagkatapos na ang hari ay matulog na kasama ng kaniyang
mga magulang. 23 Nang ikalabing limang taon ni Amasias na
Anak ni Joas na hari sa Juda, si Jeroboam na anak ni Joas
na hari sa Israel ay nagpasimulang maghari sa Samaria, at
nagharing apat na pu't isang taon. 24 At gumawa siya ng
masama sa paningin ng Panginoon: hindi niya hiniwalayan
ang lahat na kasalanan ni Jeroboam na Anak ni Nabat, na
kaniyang ipinapagkasala sa Israel. 25 Kaniyang isinauli ang
hangganan ng Israel mula sa pasukan ng Hamath hanggang
sa dagat ng Araba, ayon sa salita ng Panginoon, ng Dios ng
Israel, na nagsalita sa pamamagitan ng kaniyang lingkod na
si Jonas na anak ni Amittai, na propeta na taga Gath-hepher.
26 Sapagka't nakita ng Panginoon ang kapighatian ng Israel,
na totoong masaklap: sapagka't walang nakulong o naiwan
sa kaluwangan man, o sinomang tumulong sa Israel. 27
At hindi sinabi ng Panginoon na kaniyang papawiin ang
pangalan ng Israel mula sa silong ng langit, kundi iniligtas
nila siya sa pamamagitan ng kamay ni Jeroboam na anak ni
Joas. 28 Ang iba nga sa mga gawa ni Jeroboam, at ang lahat
na kaniyang ginawa, at ang kaniyang kapangyarihan, kung
paanong siya'y nakipagdigma, at kung paanong binawi niya
para sa Israel ang Damasco at ang Hamath, na nangaukol
sa Juda, di ba nangasusulat sa aklat ng mga alaala sa mga
hari sa Israel? 29 At si Jeroboam ay natulog na kasama ng
kaniyang mga magulang, sa makatuwid baga'y ng mga hari
sa Israel; at si Zacharias na kaniyang anak ay naghari na
kahalili niya.

**15** Nang ikadalawangpu't pitong taon ni Jeroboam na
hari sa Israel ay nagpasimulang maghari si Azarias
na anak ni Amasias na hari sa Juda. 2 May labing anim
na taon siya nang siya'y magpasimulang maghari; at siya'y
nagharing limangpu't dalawang taon sa Jerusalem: at ang
pangalan ng kaniyang ina ay Jecolia na taga Jerusalem. 3
At siya'y gumawa ng matuwid sa harap ng mga mata ng
Panginoon, ayon sa lahat na ginawa ng kaniyang amang si
Amasias. 4 Gayon ma'y ang mga mataas na dako ay hindi
inalis: ang bayan ay nagpatuloy na naghain at nagsunog
ng kamangyan sa mga mataas na dako. 5 At sinaktan
ng Panginoon ang hari, na anopa't siya'y nagkaketong
hanggang sa araw ng kaniyang kamatayan, at tumahan
na bukod sa bahay. At si Jotham na anak ng hari ay nasa
pamamahala ng sangbahayan na humahatol sa bayan ng
lupain. 6 Ang iba nga sa mga gawa ni Azarias, at ang lahat
ng kaniyang ginawa di ba nangasusulat sa aklat ng mga
alaala sa mga hari sa Juda? 7 At si Azarias ay natulog na
kasama ng kaniyang mga magulang; at inilibing nila siya na
kasama ng kaniyang mga magulang sa bayan ni David: at
si Jotham na kaniyang anak ay naghari na kahalili niya. 8
Nang ikatatlongpu't walong taon ni Azarias na hari sa Juda,
ay naghari sa Israel si Zacharias na anak ni Jeroboam sa
Samaria na anim na buwan. 9 At siya'y gumawa ng masama
sa paningin ng Panginoon, gaya ng ginawa ng kaniyang
mga magulang: hindi niya hiniwalayan ang mga kasalanan ni
Jeroboam na anak ni Nabat, na kaniyang ipinapagkasala sa
Israel. 10 At si Sallum na anak ni Jabes ay nagbanta laban
sa kaniya, at sinaktan siya sa harap ng bayan, at pinatay
siya, at naghari na kahalili niya. 11 Ang iba nga sa mga
gawa ni Zacharias, narito, nangasusulat sa aklat ng mga
alaala sa mga hari sa Israel. 12 Ito ang salita ng Panginoon,
na kaniyang sinalita kay Jehu, na sinasabi, Ang iyong mga
anak sa ikaapat na salin ng lahi ay magsisiupo sa luklukan
ng Israel. At gayon ang nangyari. 13 Si Sallum na anak ni
Jabes ay nagpasimulang maghari nang ikatatlongpu't siyam
na taon ni Uzzia na hari sa Juda; at siya'y naghari sa loob
ng isang buwan sa Samaria. 14 At si Manahem na anak ni
Gadi ay umahon mula sa Thirza, at naparoon sa Samaria, at
sinaktan si Sallum na anak ni Jabes sa Samaria, at pinatay
niya siya at naghari na kahalili niya. 15 Ang nalabi nga sa
mga gawa ni Sallum, at ang pagbabanta niya na kaniyang
ginawa, narito, nangasusulat sa aklat ng mga alaala sa mga
hari sa Israel. 16 Nang magkagayo'y sinaktan ni Manahem
si Tiphsa, at ang lahat na nandoon, at ang mga hangganan
niyaon, mula sa Thirza: sapagka't hindi nila siya pinabuksan,
kaya't sinaktan niya; at ang lahat na babae na nandoon na
buntis ay pinaluwa niya ang bituka. 17 Nang ikatatlongpu't
siyam na taon ni Azarias na hari sa Juda ay nagpasimulang
maghari sa Israel si Manahem na anak ni Gadi, at nagharing
sangpung taon sa Samaria. 18 At kaniyang ginawa ang
masama sa paningin ng Panginoon: siya'y hindi humiwalay
ng lahat niyang kaarawan sa mga kasalanan ni Jeroboam
na anak ni Nabat, na kaniyang ipinapagkasala sa Israel.
19 Naparoon laban sa lupain si Phul na hari sa Asiria; at
binigyan ni Manahem si Phul ng isang libong talentong pilak,
upang ang kamay niya'y sumakaniya, upang pagtibayin ang
kaharian sa kaniyang kamay. 20 At siningil ni Manahem ng
salapi ang Israel, ang lahat na makapangyarihang lalake na
mayaman, na bawa't lalake ay limangpung siklo na pilak
upang ibigay sa hari sa Asiria. Sa gayo'y ang hari sa Asiria
ay bumalik, at hindi tumigil doon sa lupain. 21 Ang iba nga
sa mga gawa ni Manahem, at ang lahat niyang ginawa, di

ba nangasusulat sa aklat ng mga alaala sa mga hari sa
Israel? 22 At natulog si Manahem na kasama ng kaniyang
mga magulang; at si Pekaia na kaniyang anak ay naghari na
kahalili niya. 23 Nang ikalimangpung taon ni Azarias na hari
sa Juda ay nagpasimulang maghari sa Israel si Pekaia na
anak ni Manahem sa Samaria, at nagharing dalawang taon.
24 At gumawa siya ng masama sa paningin ng Panginoon:
hindi niya hiniwalayan ang mga kasalanan ni Jeroboam
na anak ni Nabat, na kaniyang ipinapagkasala sa Israel.
25 At si Peka na anak ni Remalias, na kaniyang punong
kawal, ay nagbanta laban sa kaniya, at sinaktan siya sa
Samaria, sa castilyo ng bahay ng hari, na kasama si Argob
at si Ariph; at kasama niya'y limangpung lalake na mga
Galaadita: at pinatay niya siya, at naghari na kahalili niya. 26
Ang iba nga sa mga gawa ni Pekaia, at ang lahat niyang
ginawa, narito, nangasusulat sa aklat ng mga alaala sa
mga hari sa Israel. 27 Nang ikalimangpu't dalawang taon ni
Azarias na hari sa Juda ay nagpasimulang maghari si Peka
na anak ni Remalias sa Israel sa Samaria, at nagharing
dalawangpung taon. 28 At gumawa siya ng masama sa
paningin ng Panginoon: hindi niya hiniwalayan ang mga
kasalanan ni Jeroboam na anak ni Nabat, na kaniyang
ipinapagkasala sa Israel. 29 Nang mga kaarawan ni Peka
na hari sa Israel ay naparoon si Tiglathpileser na hari sa
Asiria, at sinakop ang Ihion, at ang Abel-bethmaacha, at
ang Janoa, at ang Cedes, at ang Asor, at ang Galaad, at
ang Galilea, ang buong lupain ng Nephtali; at kaniyang
dinalang bihag sila sa Asiria. 30 At si Oseas na anak ni
Ela ay nagbanta laban kay Peka na anak ni Remalias,
at sinaktan niya siya, at pinatay niya siya, at naghari na
kahalili niya, nang ikadalawangpung taon ni Jotham na
anak ni Uzzia. 31 Ang iba nga sa mga gawa ni Peka, at
ang lahat niyang ginawa, narito, nangasusulat sa aklat
ng mga alaala sa mga hari sa Israel. 32 Nang ikalawang
taon ni Peka na anak ni Remalias na hari sa Israel, ay
nagpasimulang maghari si Jotham na anak ni Uzzia na hari
sa Juda. 33 Siya'y may dalawangpu't limang taon nang
siya'y magpasimulang maghari, at siya'y nagharing labing
anim na taon sa Jerusalem: at ang pangalan ng kaniyang
ina ay Jerusa na anak ni Sadoc. 34 At siya'y gumawa ng
matuwid sa harap ng mga mata ng Panginoon: kaniyang
ginawa ang ayon sa lahat na ginawa ng kaniyang amang si
Uzzia. 35 Gayon ma'y ang mga mataas na dako ay hindi
nangaalis: ang bayan ay nagpatuloy na naghain at nagsunog
ng kamangyan sa mga mataas na dako. Itinayo niya ang
mataas na pintuang-bayan sa bahay ng Panginoon. 36
Ang iba nga sa mga gawa ni Jotham, at ang lahat niyang
ginawa, di ba nangasusulat sa aklat ng mga alaala sa mga
hari sa Juda? 37 Nang mga araw na yao'y pinasimulan ng
Panginoon na suguin laban sa Juda si Resin na hari sa
Siria, at si Peka na anak ni Remalias. 38 At si Jotham ay
natulog na kasama ng kaniyang mga magulang, at inilibing
na kasama ng kaniyang mga magulang sa bayan ni David
na kaniyang magulang: at si Achaz na kaniyang anak ay
naghari na kahalili niya.

**16** Nang ikalabing pitong taon ni Peka na anak ni Remalias
ay nagpasimulang maghari si Achaz na anak ni Jotham
na hari sa Juda. 2 May dalawangpung taon si Achaz nang
siya'y magpasimulang maghari; at siya'y nagharing labing
anim na taon sa Jerusalem: at hindi siya gumawa ng matuwid
sa harap ng mga mata ng Panginoon niyang Dios, na gaya
ni David na kaniyang magulang. 3 Kundi siya'y lumakad
ng lakad ng mga hari sa Israel, oo, at kaniyang pinaraan
ang kaniyang anak sa apoy, ayon sa mga karumaldumal
ng mga bansa na pinalayas ng Panginoon mula sa harap
ng mga anak ni Israel. 4 At siya'y naghain, at nagsunog
ng kamangyan sa mga mataas na dako, at sa mga burol,
at sa ilalim ng bawa't sariwang punong kahoy. 5 Nang
magkagayo'y si Resin na hari sa Siria at si Peka na anak ni
Remalias na hari sa Israel ay umahon sa Jerusalem upang
makipagdigma: at kanilang kinulong si Achaz, nguni't hindi
nila nadaig. 6 Nang panahong yaon ay binawi ni Resin na
hari sa Siria ang Elath sa Siria at pinalayas ang mga Judio
sa Elath: at ang mga taga Siria ay nagsiparoon sa Elath,
at tumanan doon, hanggang sa araw na ito. 7 Sa gayo'y
nagsugo si Achaz ng mga sugo kay Tiglath-pileser na hari sa
Asiria, na ipinasabi, Ako ang iyong lingkod at ang iyong anak:
ikaw ay umahon, at iligtas mo ako sa kamay ng hari sa Siria
at sa kamay ng hari sa Israel, na bumabangon laban sa akin.
8 At kinuha ni Achaz ang pilak at ginto na nasumpungan sa
bahay ng Panginoon, at sa mga kayamanan ng bahay ng
hari, at ipinadalang kaloob sa hari sa Asiria. 9 At dininig siya
ng hari sa Asiria; at ang hari sa Asiria ay umahon laban
sa Damasco, at sinakop, at dinala sa Cir ang bayan na
bihag, at pinatay si Resin. 10 At ang haring si Achaz ay
naparoon sa Damasco upang salubungin si Tiglath-pileser
na hari sa Asiria: at nakita ang dambana na nasa Damasco:
at ipinadala ng haring si Achaz kay Urias na saserdote
ang ayos ng dambana at ang anyo niyaon, ayon sa buong
pagkayari niyaon. 11 At si Urias na saserdote ay nagtayo ng
isang dambana: ayon sa buong ipinadala ng haring si Achaz
mula sa Damasco, gayon ginawa ni Urias na saserdote,
bago dumating ang haring Achaz mula sa Damasco. 12
At nang dumating ang hari mula sa Damasco, ay nakita
ng hari ang dambana: at ang hari ay lumapit sa dambana,
at naghandog doon. 13 At kaniyang sinunog ang kaniyang
handog na susunugin, at ang kaniyang handog na harina,
at ibinuhos ang kaniyang inuming handog, at iniwisik ang

dugo ng kaniyang mga handog tungkol sa kapayapaan sa
ibabaw ng dambana. 14 At ang dambana na tanso na nasa
harap ng Panginoon ay kaniyang dinala mula sa harapan
ng bahay, mula sa pagitan ng kaniyang dambana at ng
bahay ng Panginoon, at inilagay sa dakong hilagaan ng
kaniyang dambana. 15 At inutusan ng haring Achaz si Urias
na saserdote, na sinasabi, Sa ibabaw ng malaking dambana,
ay magsunog ka ng handog na susunugin sa umaga, at ng
handog na harina sa hapon, at ng handog na susunugin ng
hari at ng kaniyang handog na harina sangpu ng handog
na susunugin ng buong bayan ng lupain at ng kanilang
handog na harina, at ng kanilang mga handog na inumin; at
iwisik mo roon ang buong dugo ng handog na susunugin, at
ang buong dugo ng hain: nguni't ang dambanang tanso ay
mapapasa akin upang pagusisaan. 16 Ganito ang ginawa ni
Urias na saserdote, ayon sa buong iniutos ng haring Achaz.
17 At pinutol ng haring Achaz ang mga hangganan ng mga
tungtungan, at inalis sa mga yaon ang hugasan, at ibinaba
ang dagatdagatan mula sa mga bakang tanso na nasa ilalim
niyaon, at ipinatong sa isang pavimentong bato. 18 At ang
dakong natatakpan na daan sa sabbath na kanilang itinayo
sa bahay, at ang pasukan ng hari na nasa labas, ibinago
sa bahay ng Panginoon, dahil sa hari sa Asiria. 19 Ang
iba nga sa mga gawa ni Achaz na kaniyang ginawa, di
ba nangasusulat sa aklat ng mga alaala sa mga hari sa
Juda. 20 At si Achaz ay natulog na kasama ng kaniyang
mga magulang, at inilibing na kasama ng kaniyang mga
magulang sa bayan ni David: at si Ezechias na kaniyang
anak ay naghari na kahalili niya.

**17** Nang ikalabing dalawang taon ni Achaz na hari sa
Juda ay nagpasimula si Oseas na anak ni Ela na
maghari sa Samaria sa Israel, at nagharing siyam na taon. 2
At gumawa siya ng masama sa paningin ng Panginoon,
bagaman hindi gaya ng mga hari sa Israel na mga una
sa kaniya. 3 Laban sa kaniya ay umahon si Salmanasar
na hari sa Asiria; at si Oseas ay naging kaniyang lingkod,
at dinalhan siya ng mga kaloob. 4 At ang hari sa Asiria
ay nakasumpong kay Oseas ng pagbabanta; sapagka't
siya'y nagsugo ng mga sugo kay So na hari sa Egipto,
at hindi naghandog ng kaloob sa hari sa Asiria, na gaya
ng kaniyang ginagawa taontaon; kaya't kinulong siya ng
hari sa Asiria, at ipinangaw siya sa bilangguan. 5 Nang
magkagayon ay umahon ang hari sa Asiria sa buong lupain,
at umahon sa Samaria, at kinulong na tatlong taon. 6 Nang
ikasiyam na taon ni Oseas, sinakop ng hari sa Asiria ang
Samaria, at dinala ang Israel sa Asiria, at inilagay sila sa
Hala, at sa Habor, sa ilog ng Gozan, at sa mga bayan ng
mga Medo. 7 At nagkagayon, sapagka't ang mga anak ni
Israel ay nangagkasala laban sa Panginoon nilang Dios, na
siyang nagahon sa kanila mula sa lupain ng Egipto, mula
sa kamay ni Faraon na hari sa Egipto, at sila'y natakot sa
ibang mga dios. 8 At lumakad sa mga palatuntunan ng mga
bansa, na pinalayas ng Panginoon sa harap ng mga anak
ni Israel, at ng mga hari ng Israel, na kanilang ginawa. 9
At ang mga anak ni Israel ay nagsigawa ng mga lihim na
bagay na hindi matuwid sa Panginoon nilang Dios, at sila'y
nagsipagtayo sa kanila ng mga mataas na dako sa lahat
nilang bayan mula sa moog ng mga bantay hanggang sa
bayang nakukutaan. 10 At sila'y nangagsipaglagay ng mga
haligi na pinakaalaala at mga Asera sa bawa't mataas na
burol, at sa ilalim ng lahat na sariwang punong kahoy; 11
At doo'y nagsunog sila ng kamangyan sa lahat na mataas
na dako, gaya ng ginawa ng mga bansa na pinalayas ng
Panginoon sa harap nila; at nagsigawa ng masasamang
bagay upang mungkahiin ang Panginoon sa galit; 12 At
sila'y nagsipaglingkod sa mga diosdiosan, na siyang sa
kanila ay sinabi ng Panginoon, Huwag ninyong gagawin
ang bagay na ito. 13 Gayon ma'y tumutol ang Panginoon
sa Israel, at sa Juda, sa pamamagitan ng bawa't propeta,
at ng bawa't tagakita, na sinasabi, Iwan ninyo ang inyong
masasamang lakad, at ingatan ninyo ang aking mga utos, at
ang aking mga palatuntunan, ayon sa buong kautusan na
aking iniutos sa inyong mga magulang, at aking ipinadala
sa inyo, sa pamamagitan ng aking mga lingkod na mga
propeta. 14 Gayon ma'y hindi nila dininig, kundi kanilang
pinatigas ang kanilang ulo, na gaya ng ulo ng kanilang
mga magulang, na hindi nagsisampalataya sa Panginoon
nilang Dios. 15 At kanilang itinakuwil ang kaniyang mga
palatuntunan, at ang kaniyang tipan na kaniyang itinipan sa
kanilang mga magulang, at ang kaniyang mga patotoo na
kaniyang ipinatotoo sa kanila; at sila'y nagsisunod sa walang
kabuluhan, at naging walang kabuluhan, at nagsisunod sa
mga bansa na nangasa palibot nila, ayon sa ibinilin ng
Panginoon na huwag silang magsigawa ng gaya ng mga
yaon. 16 At kanilang iniwan ang lahat na utos ng Panginoon
nilang Dios, at nagsigawa ng mga larawang binubo, sa
makatuwid baga'y ng dalawang guya, at nagsigawa ng
isang Asera, at sinamba ang buong natatanaw sa langit,
at nagsipaglingkod kay Baal. 17 At kanilang pinaraan ang
kanilang mga anak na lalake at babae sa apoy, at nagsihilig
sa panghuhula at mga panggagaway, at nangapabili upang
magsigawa ng masama sa paningin ng Panginoon, upang
mungkahiin siya sa galit. 18 Kaya't ang Panginoon ay totoong
nagalit sa Israel, at inalis sila sa kaniyang paningin: walang
naiwan kundi ang lipi ni Juda lamang. 19 Hindi rin naman
iningatan ng Juda ang mga utos ng Panginoon nilang Dios,
kundi nagsilakad sa mga palatuntunan ng Israel na kanilang
ginawa. 20 At itinakuwil ng Panginoon ang buong binhi ng

Israel, at pinighati sila at ibinigay sila sa kamay ng mga
mananamsam hanggang sa kaniyang pinalayas sila sa
kaniyang paningin. 21 Sapagka't kaniyang inihiwalay ang
Israel sa sangbahayan ni David, at kanilang ginawang hari si
Jeroboam na anak ni Nabat: at pinahiwalay ni Jeroboam
ang Israel sa pagsunod sa Panginoon at pinapagkasala sila
ng malaking kasalanan. 22 At ang mga anak ni Israel ay
nagsilakad sa lahat ng kasalanan ni Jeroboam na kaniyang
ginawa; hindi nila hiniwalayan; 23 Hanggang sa inihiwalay
ng Panginoon ang Israel sa kaniyang paningin, gaya ng
kaniyang sinalita sa pamamagitan ng lahat niyang lingkod
na mga propeta. Gayon dinala ang Israel sa Asiria na mula
sa kanilang sariling lupain, hanggang sa araw na ito. 24
At ang hari sa Asiria ay nagdala ng mga tao na mula sa
Babilonia, at sa Cutha, at sa Ava, at sa Hamath at sa
Sepharvaim, at inilagay sila sa mga bayan ng Samaria na
kahalili ng mga anak ni Israel: at kanilang inari ang Samaria,
at nagsitahan sa mga bayan niyaon. 25 At nagkagayon,
sa pasimula ng kanilang pagtahan doon, na hindi sila
nangatakot sa Panginoon: kaya't ang Panginoon ay nagsugo
ng mga leon sa gitna nila, na pinatay ang ilan sa kanila. 26
Kaya't kanilang sinalita sa hari sa Asiria, na sinasabi, Ang
mga bansa na iyong dinala at inilagay sa mga bayan ng
Samaria, hindi nakaaalam ng paraan ng Dios sa lupain;
kaya't siya'y nagsugo ng mga leon sa gitna nila, at, narito,
pinatay sila, sapagka't hindi sila nakakaalam ng paraan ng
Dios sa lupain. 27 Nang magkagayo'y nagutos ang hari sa
Asiria, na nagsasabi, Dalhin ninyo roon ang isa sa mga
saserdote na inyong dinala mula roon; at inyong payaunin
at patahanin doon, at turuan niya sila ng paraan ng Dios
sa lupain. 28 Sa gayo'y isa sa mga saserdote na kanilang
dinala mula sa Samaria ay naparoon at tumahan sa Beth-el,
at tinuruan sila kung paanong sila'y marapat na matakot
sa Panginoon. 29 Gayon ma'y bawa't bansa ay gumawa
ng mga dios sa kanikaniyang sarili, at ipinaglalagay sa
mga bahay sa mga mataas na dako na ginawa ng mga
Samaritano, na bawa't bansa ay sa kanilang mga bayan
na kanilang tinatahanan. 30 At itinayo ng mga lalake sa
Babilonia ang Succoth-benoth, at itinayo ng mga lalake
sa Cutha ang Nergal, at itinayo ng mga lalake sa Hamath
ang Asima, 31 At itinayo ng mga Avveo ang Nibhaz at
ang Tharthac, at sinunog ng mga Sepharvita ang kanilang
mga anak sa apoy sa Adrammelech at sa Anammelech,
na mga dios ng Sefarvaim. 32 Sa gayo'y nangatakot sila
sa Panginoon, at nagsipaghalal sila sa gitna nila ng mga
saserdote sa mga mataas na dako, na siyang naghahain
para sa kanila sa mga bahay, na nangasa mga mataas na
dako. 33 Sila'y nangatakot sa Panginoon, at nagsipaglingkod
sa kanilang sariling mga dios, ayon sa paraan ng mga bansa
na kinadalhang bihag nila. 34 Hanggang sa araw na ito ay
ginagawa nila ang ayon sa mga dating paraan: sila'y hindi
nangatatakot sa Panginoon, o nagsisigawa man ng ayon sa
kanilang mga palatuntunan, o ayon sa kanilang mga ayos, o
ayon sa kautusan, o ayon sa utos na iniutos ng Panginoon
sa mga anak ni Jacob, na kaniyang pinanganlang Israel, 35
Na siyang pinakipagtipanan ng Panginoon, at pinagbilinan
na sinasabi, Kayo'y huwag mangatatakot sa ibang mga dios,
o nagsisiyukod man sa kanila, o magsisipaglingkod man
sa kanila, o magsisipaghain man sa kanila: 36 Kundi ang
Panginoon, na nagahon sa inyo mula sa lupain ng Egipto na
may dakilang kapangyarihan at may unat na kamay, siya
ninyong katatakutan, at sa kaniya kayo magsisiyukod, at sa
kaniya kayo magsisipaghain. 37 At ang mga palatuntunan,
at ang mga ayos, at ang kautusan, at ang utos na kaniyang
sinulat para sa inyo ay inyong isasagawa magpakailan man;
at kayo'y huwag mangatatakot sa ibang mga dios: 38 At
ang tipan na aking ipinakipagtipan sa inyo, huwag ninyong
kalilimutan; ni mangatatakot man kayo sa ibang mga dios:
39 Nguni't sa Panginoon ninyong Dios ay mangatatakot kayo;
at kaniyang ililigtas kayo sa kamay ng lahat ninyong mga
kaaway. 40 Gayon ma'y hindi nila dininig, kundi kanilang
ginawa ang ayon sa kanilang dating paraan. 41 Sa gayo'y
ang mga bansang ito ay nangatakot sa Panginoon, at
nagsipaglingkod sa kanilang mga larawang inanyuan; ang
kanilang mga anak ay gayon din, at ang mga anak ng
kanilang mga anak, kung ano ang ginawa ng kanilang mga
magulang ay gayon ang ginawa nila hanggang sa araw na
ito.

**18** Nangyari nga, nang ikatlong taon ni Oseas na anak
ni Ela na hari sa Israel, na si Ezechias na anak
ni Achaz na hari sa Juda ay nagpasimulang maghari. 2
May dalawangpu't limang taon siya nang magpasimulang
maghari; at siya'y nagharing dalawangpu't siyam na taon
sa Jerusalem: at ang pangalan ng kaniyang ina ay Abi
na anak ni Zacharias. 3 At siya'y gumawa ng matuwid
sa harap ng mga mata ng Panginoon, ayon sa lahat na
ginawa ni David na kaniyang magulang. 4 Kaniyang inalis
ang mga mataas na dako, at sinira ang mga haligi, at
ibinagsak ang mga Asera: at kaniyang pinagputolputol ang
ahas na tanso na ginawa ni Moises; sapagka't hanggang
sa mga araw na yaon ay pinagsusunugan ng kamangyan
ng mga anak ni Israel; at pinanganlang Nehustan. 5 Siya'y
tumiwala sa Panginoon, na Dios ng Israel; na anopa't nang
mamatay siya ay walang naging gaya niya sa lahat ng
hari sa Juda, o sa nangauna man sa kaniya. 6 Sapagka't
siya'y lumakip sa Panginoon; siya'y hindi humiwalay ng
pagsunod sa kaniya, kundi iningatan ang kaniyang mga utos
na iniutos ng Panginoon kay Moises. 7 At ang Panginoon ay

sumasa kaniya; saan man siya lumabas ay gumiginhawa
siya; at siya'y nanghimagsik laban sa hari sa Asiria, at hindi
niya pinaglingkuran. **8** Kaniyang sinaktan ang mga Filisteo
hanggang sa Gaza, at ang mga hangganan niyaon, mula
sa moog ng bantay hanggang sa bayang nakukutaan. **9**
At nangyari, nang ikaapat na taon ng haring Ezechias,
na siyang ikapitong taon ni Oseas na anak ni Ela na hari
sa Israel, na si Salmanasar na hari sa Asiria ay umahon
laban sa Samaria, at kinubkob niya. **10** At sa katapusan
ng tatlong taon ay kanilang sinakop: sa makatuwid baga'y
nang ikaanim na taon ni Ezechias, na siyang ikasiyam na
taon ni Oseas na hari sa Israel, ang Samaria ay sinakop. **11**
At dinala ng hari sa Asiria ang Israel sa Asiria, at inilagay
sa Hala, at sa Habor, sa ilog ng Gozan, at sa mga bayan
ng mga Medo: **12** Sapagka't hindi nila sinunod ang tinig ng
Panginoon nilang Dios, kundi kanilang sinalangsang ang
kaniyang tipan, ang lahat na iniutos ni Moises na lingkod
ng Panginoon, at hindi dininig o ginawa man. **13** Nang
ikalabing apat na taon nga ng haring Ezechias ay umahon
si Sennacherib na hari sa Asiria laban sa lahat na bayang
nakukutaan ng Juda, at pinagsakop. **14** At si Ezechias na
hari sa Juda ay nagsugo sa hari sa Asiria sa Lachis, na
nagsasabi, Ako'y nagkasala; talikdan mo ako: ang iyong
ipabayad sa akin ay aking babayaran. At siningil ng hari
sa Asiria si Ezechias na hari sa Juda ng tatlong daang
talentong pilak at tatlong pung talentong ginto. **15** At ibinigay
ni Ezechias ang lahat na pilak na nasumpungan sa bahay
ng Panginoon, at sa mga kayamanan ng bahay ng hari. **16**
Nang panahong yaon ay inihiwalay ni Ezechias ang ginto
sa mga pintuan ng templo ng Panginoon, at sa mga haligi
na binalutan ni Ezechias na hari sa Juda, at ibinigay sa
hari sa Asiria. **17** At sinugo ng hari sa Asiria si Thartan at
si Rab-saris, at si Rabsaces, sa haring kay Ezechias na
mula sa Lachis na may malaking hukbo sa Jerusalem. At
sila'y nagsiahon at nagsiparoon sa Jerusalem. At nang sila'y
mangakaahon, sila'y nagsiparoon at nagsitayo sa tabi ng
padaluyan ng tubig ng mataas na tipunan ng tubig na nasa
lansangan sa parang ng tagapagpaputi ng kayo. **18** At nang
matawag na nila ang hari, ay nilabas sila ni Eliacim na anak
ni Hilcias, na siyang katiwala ng bahay, at ni Sebna na
kalihim, at ni Joah na anak ni Asaph na kasangguni. **19**
At sinabi ni Rabsaces sa kanila, Sabihin ninyo ngayon kay
Ezechias, Ganito ang sabi ng dakilang hari, ng hari sa Asiria,
Anong pagasa ito sa iyong tinitiwalaan? **20** Iyong sinasabi
(nguni't mga salitang walang kabuluhan lamang) May payo at
kalakasan sa pakikipagdigma. Ngayon, kanino ka tumitiwala,
na ikaw ay nanghimagsik laban sa akin? **21** Ngayon, narito,
ikaw ay tumitiwala sa tungkod na ito na kahoy na lapok, sa
makatuwid baga'y sa Egipto; na kung sinoman ay sumandal,
ay tutuhog sa kaniyang kamay, at palalagpasan: gayon si
Faraon na hari sa Egipto sa lahat na tumitiwala sa kaniya.
**22** Nguni't kung inyong sabihin sa akin: Kami ay tumitiwala
sa Panginoon naming Dios: hindi ba siya'y yaong inalisan ni
Ezechias ng mga mataas na dako, at ng mga dambana, at
nagsabi sa Juda at sa Jerusalem, Kayo'y magsisisamba sa
harap ng dambanang ito sa Jerusalem? **23** Isinasamo ko
nga ngayon sa iyo na magbigay ka ng mga sangla sa aking
panginoon na hari sa Asiria, at bibigyan kita ng dalawang
libong kabayo, kung ikaw ay makapaglalagay sa ganang
iyo ng mga mangangabayo sa mga yaon. **24** Paano ngang
iyong mapapipihit ang mukha ng isang punong kawal sa
pinaka mababa sa mga lingkod ng aking panginoon, at iyong
ilalagak ang iyong tiwala sa Egipto dahil sa mga karo at sa
mga mangangabayo? **25** Ako ba'y umahon na di ko kasama
ang Panginoon laban sa dakong ito upang lipulin? Sinabi ng
Panginoon sa akin, Ikaw ay umahon laban sa lupaing ito, at
iyong lipulin. **26** Nang magkagayo'y sinabi ni Eliacim na anak
ni Hilcias, at si Sebna, at ni Joah, kay Rabsaces. Isinasamo
ko sa iyo na magsalita ka sa iyong mga lingkod ng wikang
Siria; sapagka't aming naiintindihan yaon; at huwag kang
magsalita sa amin ng wikang Judio, sa mga pakinig ng
bayan na nasa kuta. **27** Nguni't sinabi ni Rabsaces sa kanila,
Sinugo ba ako ng aking panginoon sa iyong panginoon,
at sa iyo, upang salitain ang mga salitang ito? di ba niya
ako sinugo sa mga lalake na nangakaupo sa kuta, upang
magsikain ng kanilang sariling dumi, at upang magsiinom ng
kanilang sariling ihi na kasalo ninyo? **28** Nang magkagayo'y
si Rabsaces ay tumayo at sumigaw ng malakas sa wikang
Judio, at nagsalita, na sinasabi, Dinggin ninyo ang salita
ng dakilang hari, ng hari sa Asiria. **29** Ganito ang sabi ng
hari, Huwag kayong dayain ni Ezechias; sapagka't hindi
niya kayo maililigtas sa kaniyang kamay. **30** Ni patiwalain
man kayo ni Ezechias sa Panginoon, na sabihin, Walang
pagsalang ililigtas tayo ng Panginoon, at ang bayang ito
ay hindi mabibigay sa kamay ng hari sa Asiria. **31** Huwag
ninyong dinggin si Ezechias: sapagka't ganito ang sabi ng
hari sa Asiria, Makipagpayapaan kayo sa akin, at labasin
ninyo ako; at kumain ang bawa't isa sa inyo ng bunga ng
kaniyang puno ng ubas, at ang bawa't isa ng bunga ng
kaniyang puno ng igos, at uminom ang bawa't isa sa inyo
ng tubig ng kaniyang sariling balon; **32** Hanggang sa ako'y
dumating at dalhin ko kayo sa isang lupaing gaya ng inyong
sariling lupain, na lupain ng trigo at ng alak, na lupain ng
tinapay at ng mga ubasan, na lupain ng langis na olibo at ng
pulot, upang kayo'y mangabuhay, at huwag mangamatay: at
huwag ninyong dinggin si Ezechias, pagka kayo'y hinihikayat
niya, na sinasabi, Ililigtas tayo ng Panginoon. **33** Nagligtas
ba kailan man ang sinoman sa mga dios sa mga bansa

ng kaniyang lupain sa kamay ng hari sa Asiria? **34** Saan
nandoon ang mga dios ng Hamath, at ng Arphad? Saan
nandoon ang mga dios ng Sepharvaim, ng Hena, at ng
Hiva? Iniligtas ba nila ang Samaria sa aking kamay? **35** Sino
sa kanila sa lahat na dios ng mga lupain, ang nagligtas ng
kanilang lupain sa aking kamay, na ililigtas ng Panginoon
ang Jerusalem sa aking kamay? **36** Nguni't ang bayan ay
tumahimik, at hindi sumagot ng kahit isang salita: sapagka't
utos ng hari, na sinasabi, Huwag ninyong sagutin siya. **37**
Nang magkagayo'y naparoon si Eliacim na anak ni Hilcias,
na siyang katiwala sa sangbahayan, at si Sebna na kalihim,
at si Joah na anak ni Asaph na kasangguni, kay Ezechias
na ang kanilang suot ay hapak, at isinaysay sa kaniya ang
mga salita ni Rabsaces.

**19** At nangyari, nang mabalitaan ng haring Ezechias, ay
hinapak niya ang kaniyang mga suot, at nagbalot ng
kayong magaspang, at pumasok sa bahay ng Panginoon. **2**
At kaniyang sinugo si Eliacim, na katiwala sa bahay, at si
Sebna na kalihim, at ang mga matanda sa mga saserdote na
may mga balot na kayong magaspang, kay Isaias na propeta
na anak ni Amos. **3** At sinabi nila sa kaniya, Ganito ang
sabi ni Ezechias, Ang araw na ito ay araw ng kabagabagan,
at ng pagsaway, at ng pagkutya: sapagka't ang mga anak
ay nagsidating sa kapanganakan, at walang kalakasang
ilabas. **4** Marahil ay didinggin ng Panginoon mong Dios
ang lahat ng mga salita ni Rabsaces na siyang sinugo ng
kaniyang panginoon na hari sa Asiria upang tungayawin ang
buhay na Dios, at sasansalain ang mga salita na narinig
ng Panginoon mong Dios: kaya't idalangin mo ang labis na
natitira. **5** Sa gayo'y ang mga lingkod ng haring Ezechias
ay nagsiparoon kay Isaias. **6** At sinabi ni Isaias sa kanila,
Ganito ang inyong sasabihin sa inyong panginoon, Ganito
ang sabi ng Panginoon, Huwag kang matakot sa mga
salita na iyong narinig, na ipinanungayaw sa akin ng mga
lingkod ng hari sa Asiria. **7** Narito, ako'y maglalagay ng
isang espiritu sa kaniya, at siya'y makakarinig ng kaingay,
at babalik sa kaniyang sariling lupain; at aking ipabubuwal
siya sa pamamagitan ng tabak sa kaniyang sariling lupain.
**8** Sa gayo'y bumalik si Rabsaces, at nasumpungan ang
hari sa Asiria na nakikipagdigma laban sa Libna: sapagka't
nabalitaan niya na kaniyang nilisan ang Lachis. **9** At ng
kaniyang marinig na sabihin ang tungkol kay Thiraca na hari
sa Ethiopia, Narito, siya'y lumabas upang lumaban sa iyo,
siya'y nagsugo ng mga sugo uli kay Ezechias, na sinasabi,
**10** Ganito ang inyong sasalitain kay Ezechias na hari sa
Juda, na sasabihin, Huwag kang dayain ng Dios na iyong
tinitiwalaan na sabihin, Ang Jerusalem ay hindi mabibigay sa
kamay ng hari sa Asiria. **11** Narito, nabalitaan mo ang ginawa
ng mga hari sa Asiria sa lahat ng lupain, sa paglipol na lubos
sa kanila: at maliligtas ka ba? **12** Iniligtas ba sila ng mga dios
ng mga bansa na nilipol ng aking mga magulang, gaya ng
Gozan, at ng Haran, at ng Reseph, at ng mga anak ni Eden
na nangasa Thalasar? **13** Saan nandoon ang hari sa Hamath,
at ang hari sa Arphad, at ang hari sa bayan ng Sepharvaim,
ng Hena, at ng Hiva? **14** At tinanggap ni Ezechias ang sulat
sa kamay ng mga sugo, at binasa; at pumanhik si Ezechias
sa bahay ng Panginoon, at iniladlad sa harap ng Panginoon.
**15** At si Ezechias ay dumalangin sa harap ng Panginoon at
nagsabi, Oh Panginoon, na Dios ng Israel na nauupo sa mga
querubin, ikaw ang Dios, ikaw lamang sa lahat ng kaharian
sa lupa; ikaw ang lumikha ng langit at lupa. **16** Ikiling mo
ang iyong pakinig, Oh Panginoon, at iyong dinggin; idilat
mo ang iyong mga mata, Oh Panginoon, at tumingin ka:
at dinggin mo ang mga salita ni Sennacherib, na kaniyang
ipinasugo upang ipanungayaw sa buhay na Dios. **17** Sa
katotohanan, Panginoon, sinira ng mga hari sa Asiria ang
mga bansa, at ang kanilang mga lupain, **18** At inihagis ang
kanilang mga dios sa apoy: sapagka't sila'y hindi mga dios,
kundi gawa ng mga kamay ng mga tao, na kahoy at bato;
kaya't kanilang nilipol ang mga yaon. **19** Ngayon nga, Oh
Panginoon naming Dios, iligtas mo kami, isinasamo ko sa
iyo sa kaniyang kamay, upang makilala ng lahat na kaharian
sa lupa na ikaw ang Panginoong Dios, ikaw lamang. **20**
Nang magkagayo'y nagsugo si Isaias na anak ni Amos kay
Ezechias, na nagsasabi, Ganito ang sabi ng Panginoon, ng
Dios ng Israel, Yamang ikaw ay dumalangin sa akin laban
kay Sennacherib na hari sa Asiria, dininig kita. **21** Ito ang
salita na sinalita ng Panginoon tungkol sa kaniya. Niwalang
kabuluhan ka ng anak na dalaga ng Sion at tinatawanan ka,
ang anak na babae ng Jerusalem ay iginalaw ang kaniyang
ulo sa iyo. **22** Sino ang iyong pinulaan at tinungayaw? at
laban kanino itinaas mo ang iyong tinig at ipinandilat mo
ang iyong mga mata ng mataas? sa makatuwid baga'y
laban sa Isang Banal ng Israel. **23** Sa pamamagitan ng
iyong mga sugo ay iyong pinulaan ang Panginoon, at sinabi
mo, Sa karamihan ng aking mga karo ako'y nakaahon sa
kataasan ng mga bundok, sa mga kaloobloobang bahagi
ng Libano; at aking ibubuwal ang mga matayog na sedro
niyaon, at ang mga piling puno ng abeto niyaon: at ako'y
papasok sa kaniyang pinaka malayong tuluyan, sa gubat ng
kaniyang mabungang bukid. **24** Ako'y humukay at uminom
ng tubig ng iba, at aking tutuyuin ang lahat na ilog ng
Egipto ng talampakan ng aking mga paa. **25** Hindi mo ba
nabalitaan kung paanong aking ginawa na malaon na, at
aking iniakma ng una? ngayo'y aking pinapangyari, upang
iyong sirain ang mga bayang nakukutaan na magiging mga
guho na bunton. **26** Kaya't ang kanilang mga mananahan
ay may munting kapangyarihan, sila'y nanganglupaypay at

nangatulig; sila'y gaya ng damo sa bukid, at ng sariwang
gugulayin, na gaya ng damo sa mga bubungan, at gaya ng
trigo na lanta bago nakalaki. **27** Nguni't talastas ko ang iyong
pagupo, at ang iyong paglabas, at ang iyong pagpasok, at
ang iyong pag-iinit laban sa akin. **28** Dahil sa iyong galit
laban sa akin, at dahil sa iyong kagilasan ay dumating sa
aking mga pakinig, kaya't aking ikakawit ang aking taga sa
iyong ilong, at ang aking paningkaw sa iyong mga labi, at
ibabalik kita sa daan na iyong pinanggalingan. **29** At ito
ang magiging tanda sa iyo: ikaw ay kakain sa taong ito ng
tumutubo sa sarili, at sa ikalawang taon ay ang tumubo roon;
at sa ikatlong taon ay maghasik kayo, at umani, at mag-
ubasan, at kanin ninyo ang bunga niyaon. **30** At ang nalabi
na nakatanan sa mga anak ni Juda ay maguugat uli sa
ilalim, at magbubunga sa itaas, **31** Sapagka't sa Jerusalem
ay lalabas ang isang nalabi, at sa bundok ng Sion ay silang
magtatanan: gaganapin ito ng sikap ng Panginoon. **32** Kaya't
ganito ang sabi ng Panginoon, tungkol sa hari sa Asiria.
Siya'y hindi paririto sa bayang ito, o magpapahilagpos man
ng pana riyan, ni haharap man siya riyan na may kalasag,
o maghahagis man ng bunton laban doon. **33** Sa daang
kaniyang pinanggalingan, doon din siya babalik, at hindi siya
darating sa bayang ito, sabi ng Panginoon. **34** Sapagka't
aking ipagsasanggalang ang bayang ito upang iligtas, dahil
sa akin at dahil sa aking lingkod na si David. **35** At nangyari,
nang gabing yaon, na ang anghel ng Panginoon ay lumabas,
at nanakit sa kampamento ng mga taga Asiria ng isang
daan at walong pu't limang libo: at nang ang mga tao ay
magsibangong maaga sa kinaumagahan, narito, silang lahat
ay mga bangkay. **36** Sa gayo'y umalis si Sennacherib na
hari sa Asiria, at yumaon, at bumalik, at tumahan sa Ninive.
**37** At nangyari, nang siya'y sumamba sa bahay ni Nisroch na
kaniyang dios, na sinugatan siya ng tabak ni Adramelech, at
ni Saresar: at sila'y nagsitanan na patungo sa lupain ng
Ararat. At si Esar-hadon na kaniyang anak ay naghari na
kahalili niya.

**20** Nang mga araw na yaon ay may sakit na ikamamatay
si Ezechias. At si Isaias na propeta na anak ni Amos ay
naparoon sa kaniya, at nagsabi sa kaniya, Ganito ang sabi
ng Panginoon, Ayusin mo ang iyong bahay; sapagka't ikaw
ay mamamatay, at hindi mabubuhay. **2** Nang magkagayo'y
kaniyang ipinihit ang kaniyang mukha sa panig ng bahay, at
nanalangin sa Panginoon, na nagsasabi, **3** Idinadalangin ko
sa iyo, Oh Panginoon, na iyong alalahanin, kung paanong
ako'y lumakad sa harap mo sa katotohanan, at may dalisay
na puso at gumawa ng mabuti sa iyong paningin. At si
Ezechias ay umiyak na mainam. **4** At nangyari, bago si
Isaias ay lumabas sa pinakaloob ng bayan, na ang salita ng
Panginoon ay dumating sa kaniya, na nagsasabi, **5** Bumalik
ka uli, at sabihin mo kay Ezechias na pangulo ng aking
bayan. Ganito ang sabi ng Panginoon ng Dios ni David na
iyong magulang, Aking narinig ang iyong panalangin, aking
nakita ang iyong mga luha: narito, aking pagagalingin ka: sa
ikatlong araw ay sasampa ka sa bahay ng Panginoon. **6** At
aking idadagdag sa iyong mga kaarawan ay labing limang
taon; at aking ililigtas ka at ang bayang ito sa kamay ng
hari sa Asiria; at aking ipagsasanggalang ang bayang ito
dahil sa akin, at dahil sa aking lingkod na si David. **7** At
sinabi ni Isaias, Kayo'y magsikuha ng isang binilong igos. At
kinuha nila at itinapal sa bukol at siya'y gumaling. **8** At sinabi
ni Ezechias kay Isaias, Ano ang magiging tanda na ako'y
pagagalingin ng Panginoon, at ako'y sasampa sa bahay ng
Panginoon sa ikatlong araw? **9** At sinabi ni Isaias, Ito ang
magiging tanda sa iyo na mula sa Panginoon, na gagawin ng
Panginoon ang bagay na kaniyang sinalita: magpapauna ba
ang anino ng sangpung grado, o magpapahuli ng sangpung
grado? **10** At sumagot si Ezechias, Magaang bagay sa anino
na kumiling ng sangpung grado: hindi, kundi pahulihin ang
anino ng sangpung grado. **11** At si Isaias na propeta ay
dumalangin sa Panginoon: at kaniyang pinapagpahuli ang
anino ng sangpung grado, na nakababa na sa orasan ni
Achaz. **12** Nang panahong yaon ay si Berodach-baladan,
na anak ni Baladan, na hari sa Babilonia, ay nagpadala ng
mga sulat at ng kaloob kay Ezechias: sapagka't kaniyang
nabalitaan na si Ezechias ay nagkasakit. **13** At dininig ni
Ezechias sila, at ipinakita sa kanila ang buong bahay ng
kaniyang mahalagang mga bagay, ang pilak, at ang ginto,
at ang mga espesia, at ang mahalagang langis, at ang
bahay na taguan ng kaniyang sandata, at ang lahat na
nasusumpungan sa mga kayamanan niya: walang anoman
sa kaniyang bahay, o sa buong kaniyang sakop, na hindi
ipinakita sa kanila ni Ezechias. **14** Nang magkagayo'y
naparoon si Isaias na propeta sa haring Ezechias, at nagsabi
sa kaniya, Anong sinasabi ng mga lalaking ito? at saan
nagsipanggaling na napasa iyo? At sinabi ni Ezechias, Sila'y
nagsipanggaling sa malayong lupain, sa makatuwid baga'y
sa Babilonia. **15** At kaniyang sinabi, Anong kanilang nakita
sa iyong bahay? At sumagot si Ezechias. Lahat na nasa
aking bahay ay kanilang nakita: walang anomang bagay na
nasa aking mga kayamanan na di ko ipinakita sa kanila. **16**
At sinabi ni Isaias kay Ezechias, Dinggin mo ang salita ng
Panginoon. **17** Narito, ang mga kaarawan ay dumarating,
na ang lahat na nangasa iyong bahay, at ang itinago ng
iyong mga magulang hanggang sa araw na ito, ay dadalhin
sa Babilonia: walang maiiwan, sabi ng Panginoon. **18** At
ang ilan sa iyong mga anak na magmumula sa iyo na iyong
ipanganganak, sila'y dadalhin; at sila'y magiging bating sa
bahay ng hari sa Babilonia. **19** Nang magkagayo'y sinabi ni

Ezechias kay Isaias, Mabuti ang salita ng Panginoon na
iyong sinalita. Kaniyang sinabi, bukod dito, Hindi ba, kung
magkakaroon ng kapayapaan at katotohanan sa aking mga
kaarawan? 20 Ang iba nga sa mga gawa ni Ezechias, at ang
buo niyang kapangyarihan, at kung paano niyang ginawa
ang tipunan ng tubig, at ang padaluyan, at nagdala ng tubig
sa bayan, hindi ba nangasusulat sa aklat ng mga alaala sa
mga hari sa Juda? 21 At natulog si Ezechias na kasama ng
kaniyang mga magulang: at si Manases na kaniyang anak
ay naghari na kahalili niya.

**21** Si Manases ay may labing dalawang taon nang
magpasimulang maghari; at siya'y nagharing limangpu't
limang taon sa Jerusalem: at ang pangalan ng kaniyang ina
ay Hepsi-ba. 2 At siya'y gumawa ng masama sa paningin ng
Panginoon, ayon sa mga karumaldumal ng mga bansa, na
pinalayas ng Panginoon sa harap ng mga anak ni Israel. 3
Sapagka't kaniyang itinayo uli ang mga mataas na dako na
iginiba ni Ezechias na kaniyang ama; at kaniyang ipinagtayo
ng mga dambana si Baal, at gumawa ng Asera, gaya ng
ginawa ni Achab na hari sa Israel, at sumamba sa lahat
ng natatanaw sa langit, at naglingkod sa kanila. 4 At siya'y
nagtayo ng mga dambana sa bahay ng Panginoon, na
pinagsabihan ng Panginoon, Sa Jerusalem ay ilalagay ko
ang aking pangalan. 5 At kaniyang ipinagtayo ng mga
dambana ang lahat na natatanaw sa langit sa dalawang
looban ng bahay ng Panginoon. 6 At kaniyang pinaraan ang
kaniyang anak sa apoy, at nagpamahiin, at nagsanay ng
panghuhula, at nakipagsanggunian sa masamang espiritu, at
sa mga mahiko: siya'y gumawa ng maraming kasamaan sa
paningin ng Panginoon, upang mungkahiin niya siya sa galit.
7 At siya'y naglagay ng larawang inanyuan na Asera, na
kaniyang ginawa, sa bahay na pinagsabihan ng Panginoon
kay David, at kay Salomon na kaniyang anak, Sa bahay
na ito, at sa Jerusalem, na aking pinili sa lahat na lipi ng
Israel, aking ilalagay ang aking pangalan magpakailan man.
8 At hindi ko na pagagalain pa ang mga paa ng Israel sa
labas ng lupain na aking ibinigay sa kanilang mga magulang,
kung kanila lamang tutuparing gawin ang ayon sa lahat
na aking iniutos sa kanila, at ayon sa buong kautusan na
iniutos sa kanila ng aking lingkod na si Moises. 9 Nguni't
hindi nila dininig: at hinikayat sila ni Manases na gumawa ng
lalong masama kay sa ginawa ng mga bansa, na pinaglipol
ng Panginoon sa harap ng mga anak ni Israel. 10 At ang
Panginoon ay nagsalita sa pamamagitan ng kaniyang mga
lingkod na mga propeta, na nagsasabi, 11 Sapagka't ginawa
ni Manases na hari sa Juda ang mga karumaldumal na ito,
at gumawa ng kasamaan na higit kay sa lahat na ginawa ng
mga Amorrheo, na una sa kaniya, at ipinapagkasala sa Juda
naman sa pamamagitan ng kaniyang mga diosdiosan: 12
Kaya't ganito ang sabi ng Panginoon, ng Dios ng Israel,
Narito, aking dadalhin ang ganiyang kasamaan sa Jerusalem
at sa Juda, na sinomang makabalita ay magpapanting ang
dalawang tainga. 13 At aking paaabutin sa Jerusalem ang
pising panukat ng Samaria, at ang pabato ng bahay ni
Achab: at aking lilinisin ang Jerusalem gaya ng paglilinis ng
isang tao ng isang pinggan, na nililinis at itinataob. 14 At
aking ihihiwalay ang nalabi sa aking mana, at aking ibibigay
sa kamay ng kanilang mga kaaway: at sila'y magiging bihag
at samsam sa lahat nilang kaaway. 15 Sapagka't gumawa
sila ng masama sa aking paningin at minungkahi nila ako sa
galit, mula nang araw na ang kanilang mga magulang ay
magsilabas sa Egipto, hanggang nga sa araw na ito. 16
Bukod dito'y nagbubong mainam si Manases ng dugong
walang sala, hanggang sa kaniyang napuno ang Jerusalem
mula sa isang dulo hanggang sa kabila; bukod sa kaniyang
sala na kaniyang ipinapagkasala sa Juda, sa paggawa ng
masama sa paningin ng Panginoon. 17 Ang iba nga sa mga
gawa ni Manases, at ang lahat niyang ginawa, at ang sala
na kaniyang ipinagkasala, di ba nangasusulat sa aklat ng
mga alaala sa mga hari sa Juda? 18 At si Manases ay
natulog na kasama ng kaniyang mga magulang, at nalibing
sa halamanan ng kaniyang sariling bahay, sa halamanan ng
Uzza: at si Amon na kaniyang anak ay naghari na kahalili
niya. 19 Si Amon ay may dalawang pu't dalawang taon nang
siya'y magpasimulang maghari; at siya'y nagharing dalawang
taon sa Jerusalem: at ang pangalan ng kaniyang ina ay
Mesalemeth na anak ni Harus na taga Jotba. 20 At siya'y
gumawa ng masama sa paningin ng Panginoon gaya ng
ginawa ni Manases na kaniyang ama. 21 At siya'y lumakad
ng buong lakad na inilakad ng kaniyang ama, at naglingkod
sa mga diosdiosan na pinaglingkuran ng kaniyang ama, at
sinamba niya ang mga yaon: 22 At binayaan ang Panginoon,
ang Dios ng kaniyang mga magulang, at hindi lumakad
sa daan ng Panginoon. 23 At ang mga lingkod ni Amon
ay nagsipagbanta laban sa kaniya, at pinatay ang hari sa
kaniyang sariling bahay. 24 Nguni't pinatay ng bayan ng
lupain ang lahat na nagsipagbanta laban sa haring Amon; at
ginawang hari ng bayan ng lupain si Josias na kaniyang
anak na kahalili niya. 25 Ang iba nga sa mga gawa ni Amon
na kaniyang ginawa, di ba nangasusulat sa aklat ng mga
alaala sa mga hari sa Juda? 26 At siya'y nalibing sa kaniyang
libingan sa halamanan ng Uzza; at si Josias na kaniyang
anak ay naghari na kahalili niya.

**22** Si Josias ay may walong taon nang magpasimulang
maghari; at siya'y nagharing tatlongpu't isang taon
sa Jerusalem: at ang pangalan ng kaniyang ina ay Idida
na anak ni Adaia na taga Boscat. 2 At siya'y gumawa ng
matuwid sa harap ng mga mata ng Panginoon, at lumakad sa

buong lakad ni David na kaniyang magulang, at hindi lumiko
sa kanan o sa kaliwa. 3 At nangyari, nang ikalabing walong
taon ng haring Josias, na sinugo ng hari si Saphan na anak
ni Azalia, na anak ni Mesullam, na kalihim, sa bahay ng
Panginoon, na sinasabi, 4 Ahunin mo si Hilcias na dakilang
saserdote, upang kaniyang bilangin ang salapi na ipinasok
sa bahay ng Panginoon, na tinipon sa bayan ng tagatanod-
pinto: 5 At ibinigay sa kamay ng mga manggagawa na siyang
tumitingin ng gawain sa bahay ng Panginoon; at ibigay sa
mga manggagawa na nangasa bahay ng Panginoon, upang
husayin ang mga sira ng bahay. 6 Sa mga anluwagi, at sa
mga manggagawa, at sa mga kantero at sa pagbili ng kahoy,
at ng batong tabas upang husayin ang bahay. 7 Gayon ma'y
walang pagtutuos na ginawa sila sa kanila sa salapi na
nabigay sa kanilang kamay; sapagka't kanilang ginawang
may pagtatapat. 8 At si Hilcias na dakilang saserdote ay
nagsabi kay Saphan na kalihim, Aking nasumpungan ang
aklat ng kautusan sa bahay ng Panginoon. At ibinigay ni
Hilcias ang aklat kay Saphan, at kaniyang binasa. 9 At
si Saphan na kalihim ay naparoon sa hari, at nagbalik ng
salita sa hari, at nagsabi, Inilabas ng iyong mga lingkod ang
salapi na nasumpungan sa bahay, at ibinigay sa kamay
ng mga manggagawa na siyang tumitingin ng gawain sa
bahay ng Panginoon. 10 At isinaysay ni Saphan na kalihim,
sa hari na sinasabi, Si Hilcias na saserdote ay nagbigay
sa akin ng isang aklat. 11 At binasa ni Saphan sa harap
ng hari. At nangyari, nang marinig ng hari ang mga salita
ng aklat ng kautusan, na kaniyang hinapak ang kaniyang
suot. 12 At ang hari ay nagutos kay Hilcias na saserdote,
at kay Ahicam na anak ni Saphan, at kay Achbor na anak
ni Michaia, at kay Saphan na kalihim, at kay Asaia na
lingkod ng hari, na sinasabi, 13 Kayo'y magsiyaon, isangguni
ninyo sa Panginoon ako, at ang bayan, at ang buong Juda,
tungkol sa mga salita ng aklat na ito na nasumpungan:
sapagka't malaki ang pagiinit ng Panginoon na nabugso sa
atin, sapagka't hindi dininig ng ating mga magulang ang
mga salita ng aklat na ito, na gawin ang ayon sa lahat
na nasusulat tungkol sa atin. 14 Sa gayo'y si Hilcias na
saserdote, at si Ahicam, at si Achbor, at si Saphan, at si
Asaia, ay nagsiparoon kay Hulda na propetisa, na asawa
ni Sallum na anak ni Ticva na anak ni Araas, na katiwala
sa mga kasuutan (siya nga'y tumatahan sa Jerusalem sa
ikalawang bahagi; ) at sila'y nakipagsanggunian sa kaniya.
15 At sinabi niya sa kanila, Ganito, ang sabi ng Panginoon,
ng Dios ng Israel: Saysayin ninyo sa lalake na nagsugo
sa inyo sa akin, 16 Ganito ang sabi ng Panginoon, Narito,
ako'y magdadala ng kasamaan sa dakong ito, at sa mga
tagarito, sa makatuwid baga'y lahat na salita ng aklat na
nabasa ng hari sa Juda: 17 Sapagka't kanilang pinabayaan
ako, at nagsunog ng kamangyan sa ibang mga dios, upang
ipamungkahi nila ako sa galit sa lahat na gawa ng kanilang
mga kamay, kaya't ang aking pagiinit ay magaalab sa dakong
ito, at hindi mapapatay. 18 Nguni't sa hari sa Juda, na
nagsugo sa inyo upang magusisa sa Panginoon, ganito ang
sasabihin ninyo sa kaniya, Ganito ang sabi ng Panginoon,
ng Dios ng Israel. Tungkol sa mga salita na inyong narinig.
19 Sapagka't ang iyong puso ay malumanay, at ikaw ay
nagpakababa sa harap ng Panginoon, nang iyong marinig
ang aking sinalita laban sa dakong ito, at laban sa mga
tagarito na sila'y magiging kagibaan, at sumpa, at hinapak
mo ang iyong kasuutan, at umiyak sa harap ko: ay dininig
naman kita, sabi ng Panginoon. 20 Kaya't narito, ipipisan
kita sa iyong mga magulang, at ikaw ay malalagay sa iyong
libingan na payapa, at hindi makikita ng iyong mga mata ang
lahat ng kasamaan na aking dadalhin sa dakong ito. At sila'y
nagbalik ng salita sa hari.

**23** At ang hari ay nagsugo, at pinisan nila sa kaniya ang
lahat na matanda sa Juda, at sa Jerusalem. 2 At
sumampa ang hari sa bahay ng Panginoon, at ang lahat na
lalake ng Juda, at ang lahat na taga Jerusalem na kasama
niya, at ang mga saserdote, at ang mga propeta, at ang
buong bayan, maliit at gayon din ang malaki: at kanilang
binasa sa kanilang mga pakinig ang lahat na salita ng aklat
ng tipan na nasumpungan sa bahay ng Panginoon. 3 At ang
hari ay tumayo sa tabi ng haligi, at nakipagtipan sa harap
ng Panginoon, upang lumakad ng ayon sa Panginoon, at
upang ingatan ang kaniyang mga utos, at ang kaniyang mga
patotoo, at ang kaniyang mga palatuntunan, ng buong puso
at ng buong kaluluwa, upang tuparin ang mga salita ng
tipang ito na nasusulat sa aklat na ito: at ang buong bayan
ay nananayo sa tipan. 4 At inutusan ng hari si Hilcias na
dakilang saserdote, at ang mga saserdote sa ikalawang
hanay, at ang mga tagatanod-pinto, na ilabas sa templo
ng Panginoon ang lahat na kasangkapan na ginawa kay
Baal at sa mga Asera, at sa lahat na natatanaw sa langit; at
kaniyang sinunog sa labas ng Jerusalem sa mga parang
ng Cedron, at dinala ang mga abo niyaon sa Beth-el. 5 At
kaniyang inalis ang mga saserdote na palasamba sa mga
dios-diosan na inihalal ng mga hari sa Juda na nagpasunog
ng kamangyan sa mga mataas na dako sa mga bayan ng
Juda, at sa mga dakong nangasa palibot ng Jerusalem;
pati silang nagsisipagsunog ng kamangyan kay Baal, sa
araw, at sa buwan, at sa mga tala, at sa lahat ng natatanaw
sa langit. 6 At kaniyang inilabas ang mga Asera sa bahay
ng Panginoon, sa labas ng Jerusalem sa batis ng Cedron,
at sinunog sa batis ng Cedron, at dinurog, at inihagis ang
nangadurog niyaon sa libingan ng karaniwang mga tao. 7 At
kaniyang ibinagsak ang mga bahay ng mga sodomita, na

nangasa bahay ng Panginoon, na pinagtatahian ng mga
tabing ng mga babae para sa mga Asera. 8 At dinala
ang lahat na saserdote mula sa mga bayan ng Juda, at
nilapastangan ang mga mataas na dako, sa pinagsusunugan
ng kamangyan ng mga saserdote, mula sa Geba hanggang
sa Beerseba; at kaniyang ibinagsak ang mga mataas na
dako ng mga pintuang-bayan na nangasa pasukan ng
pintuang-bayan ni Josue, na tagapamahala ng bayan, na
nangasa kaliwa ng pasukan sa pintuan ng bayan. 9 Gayon
ma'y ang mga saserdote sa mga mataas na dako ay hindi
sumampa sa dambana ng Panginoon sa Jerusalem, kundi
sila'y nagsikain ng tinapay na walang lebadura sa gitna
ng kanilang mga kapatid. 10 At kaniyang nilapastangan
ang Topheth, na nasa libis ng mga anak ni Hinnom, upang
huwag paraanin ng sinoman ang kaniyang anak na lalake o
babae sa apoy kay Moloch. 11 At kaniyang inalis ang mga
kabayo na ibinigay ng hari ng Juda sa araw, sa pasukan ng
bahay ng Panginoon, sa siping ng silid ni Nathan-melech na
kamarero, na nasa looban; at sinunog niya sa apoy ang
mga karo ng araw. 12 At ang mga dambana na nangasa
bubungan ng silid sa itaas ni Achaz, na ginawa ng mga hari
sa Juda, at ang mga dambana na ginawa ni Manases sa
dalawang looban ng bahay ng Panginoon ay ipinagbabagsak
ng hari, at pinaggigiba mula roon, at inihagis ang alabok ng
mga yaon sa batis ng Cedron. 13 At ang mga mataas na
dako na nangasa harap ng Jerusalem, na nasa kanan ng
bundok ng kapahamakan, na itinayo ng haring Salomon
kay Asthareth na karumaldumal ng mga Sidonio, at kay
Chemos na karumaldumal ng Moab, at sa kay Milcom na
karumaldumal ng mga anak ni Ammon, ay nilapastangan
ng hari. 14 At kaniyang pinagputolputol ang mga haligi
na pinakaalaala, at pinutol ang mga Asera, at pinuno ang
kanilang mga dako ng mga buto ng tao. 15 Bukod dito'y
ang dambana na nasa Bethel at ang mataas na dako na
ginawa ni Jeroboam, na anak ni Nabat, na nakapagkasala
sa Israel, sa makatuwid baga'y ang dambanang yaon at
ang mataas na dako ay kaniyang ibinagsak; at kaniyang
sinunog ang mataas na dako at dinurog, at sinunog ang
mga Asera. 16 At pagpihit ni Josias, ay kaniyang natanawan
ang mga libingan na nangasa bundok; at siya'y nagsugo,
at kinuha ang mga buto sa mga libingan, at sinunog sa
dambana, at dinumhan, ayon sa salita ng Panginoon na
itinanyag ng lalake ng Dios, na siyang nagtanyag ng mga
bagay na ito. 17 Nang magkagayo'y kaniyang sinabi, Anong
monumento yaong aking nakikita? At isinaysay ng mga
lalake ng bayan sa kaniya, Yao'y libingan ng lalake ng
Dios, na nanggaling sa Juda, at itinanyag ang mga bagay
na ito na iyong ginawa laban sa dambana sa Beth-el.
18 At kaniyang sinabi, Bayaan ninyo; huwag galawin ng
sinoman ang mga buto niya. Sa gayo'y binayaan nila ang
mga buto niya, na kasama ng mga buto ng propeta na
nanggaling sa Samaria. 19 At ang lahat na bahay naman
sa mga mataas na dako na nangasa bayan ng Samaria,
na ginawa ng mga hari sa Israel upang mungkahiin ang
Panginoon sa galit, ay pinagaalis ni Josias, at ginawa sa
mga yaon ang ayon sa lahat na gawa na kaniyang ginawa
sa Beth-el. 20 At kaniyang pinatay ang lahat na saserdote
sa mga mataas na dako na nangandoon, sa ibabaw ng
mga dambana, at sinunog ang mga buto ng mga tao sa
mga yaon; at siya'y bumalik sa Jerusalem. 21 At iniutos
ng hari sa buong bayan, na sinasabi, Ipagdiwang ninyo
ang paskua sa Panginoon ninyong Dios, gaya ng nasusulat
sa aklat na ito ng tipan. 22 Tunay na hindi ipinagdiwang
ang gayong paskua mula sa mga araw ng mga hukom na
naghukom sa Israel, o sa lahat ng mga araw man ng mga
hari sa Israel, o ng mga hari man sa Juda; 23 Kundi nang
ikalabing walong taon ng haring Josias ay ipinagdiwang ang
paskuang ito sa Panginoon sa Jerusalem. 24 Bukod dito'y
sila na nakikipagsanggunian sa masamang espiritu, at ang
mga manghuhula, at ang mga terap, at ang mga diosdiosan,
at ang lahat na karumaldumal na natanawan sa lupain
ng Juda, at sa Jerusalem, ay pinagaalis ni Josias, upang
kaniyang matupad ang mga salita ng kautusan na nasusulat
sa aklat na nasumpungan ni Hilcias na saserdote sa bahay
ng Panginoon. 25 At walang naging hari na gaya niya na
una sa kaniya, na bumalik sa Panginoon ng buong puso
niya, at ng buong kaluluwa niya, at ng buong kapangyarihan
niya, ayon sa buong kautusan ni Moises; ni may bumangon
mang sumunod sa kaniya na gaya niya. 26 Gayon ma'y hindi
tinalikdan ng Panginoon ang bagsik ng kaniyang malaking
pag-iinit, na ipinagalab ng kaniyang galit laban sa Juda,
dahil sa lahat na pamumungkahi na iminungkahi ni Manases
sa kaniya. 27 At sinabi ng Panginoon, Akin ding aalisin
ang Juda sa aking paningin, gaya ng aking pagaalis sa
Israel, at aking itatakuwil ang bayang ito na aking pinili, sa
makatuwid baga'y ang Jerusalem, at ang bahay na aking
pinagsabihan. Ang pangalan ko'y doroon. 28 Ang iba nga sa
mga gawa ni Josias, at ang lahat na kaniyang ginawa, di
ba nangasusulat sa aklat ng mga alaala sa mga hari sa
Juda? 29 Nang mga kaarawan niya, si Faraon-nechao na
hari sa Egipto at umahon laban sa hari sa Asiria, sa ilog
Eufrates: at ang haring Josias ay naparoon laban sa kaniya;
at pinatay niya siya sa Megiddo, nang makita niya siya. 30 At
dinala siyang patay ng kaniyang mga lingkod sa isang karo,
mula sa Megiddo at dinala siya sa Jerusalem, at inilibing
siya sa kaniyang sariling libingan. At kinuha ng bayan ng
lupain si Joachaz na anak ni Josias, at pinahiran ng langis
siya, at ginawa siyang hari na kahalili ng kaniyang ama. 31

Si Joachaz ay may dalawangpu't tatlong taon nang siya'y
magpasimulang maghari; at siya'y nagharing tatlong buwan
sa Jerusalem: at ang pangalan ng kaniyang ina ay Amutal
na anak ni Jeremias na taga Libna. **32** At siya'y gumawa ng
masama sa paningin ng Panginoon, ayon sa lahat na ginawa
ng kaniyang mga magulang. **33** At inilagay ni Faraon-nechao
siya sa pangawan sa Ribla, sa lupain ng Hamath, upang
siya'y huwag makapaghari sa Jerusalem; at siningilan ang
bayan ng isang daang talentong pilak, at isang talentong
ginto. **34** At ginawa ni Faraon-nechao si Eliacim na anak ni
Josias, na hari na kahalili ni Josias, na kaniyang ama, at
pinalitan ang kaniyang pangalan ng Joacim: nguni't kaniyang
dinala si Joachaz; at siya'y naparoon sa Egipto, at namatay
roon. **35** At ibinigay ni Joacim ang pilak at ginto kay Faraon;
nguni't kaniyang pinabuwis ang lupain upang magbigay ng
salapi ayon sa utos ni Faraon; kaniyang siningil ang pilak at
ginto ng bayan ng lupain, sa bawa't isa ayon sa ipinabuwis
niya upang ibigay kay Faraon-nechao. **36** Si Joacim ay may
dalawangpu't limang taon nang magpasimulang maghari:
at siya'y nagharing labing isang taon sa Jerusalem: at ang
pangalan ng kaniyang ina ay Zebuda na anak ni Pedaia na
taga Ruma. **37** At siya'y gumawa ng masama sa paningin
ng Panginoon, ayon sa lahat na ginawa ng kaniyang mga
magulang.

**24** Nang kaniyang mga kaarawan ay umahon si
Nabucodonosor na hari sa Babilonia, at si Joacim ay
naging kaniyang alipin na tatlong taon: nang magkagayo'y
bumalik siya at nanghimagsik laban sa kaniya. **2** At ang
Panginoon ay nagsugo laban sa kaniya ng mga pulutong
ng mga Caldeo, at ng mga pulutong ng mga taga Siria,
at ng mga pulutong ng mga Moabita, at ng mga pulutong
ng mga anak ni Ammon, at sinugo sila laban sa Juda
upang lipulin ayon sa salita ng Panginoon, na kaniyang
sinalita sa pamamagitan ng kaniyang mga lingkod na mga
propeta. **3** Tunay na sa utos ng Panginoon ay dumating ito
sa Juda, upang alisin sila sa kaniyang paningin, dahil sa
mga kasalanan ni Manases, ayon sa lahat niyang ginawa. **4**
At dahil naman sa walang salang dugo na kaniyang ibinubo;
sapagka't kaniyang pinuno ang Jerusalem ng walang salang
dugo: at hindi pinatawad ng Panginoon. **5** Ang iba nga sa
mga gawa ni Joacim, at ang lahat niyang ginawa, di ba
nangasusulat sa aklat ng mga alaala sa mga hari sa Juda. **6**
Sa gayo'y natulog si Joacim na kasama ng kaniyang mga
magulang: at si Joachin na kaniyang anak ay naghari na
kahalili niya. **7** At ang hari sa Egipto ay hindi na bumalik
pa mula sa kaniyang lupain: sapagka't sinakop ng hari ng
Babilonia, mula sa batis ng Egipto hanggang sa ilog Eufrates,
lahat na nauukol sa hari sa Egipto. **8** Si Joachin ay may labing
walong taon nang siya'y magpasimulang maghari; at siya'y
naghari sa Jerusalem na tatlong buwan: at ang pangalan ng
kaniyang ina ay Neusta na anak na babae ni Elnathan na
taga Jerusalem. **9** At siya'y gumawa ng masama sa paningin
ng Panginoon, ayon sa lahat na ginawa ng kaniyang ama.
**10** Nang panahong yao'y ang mga lingkod ni Nabucodonosor,
na hari sa Babilonia ay nagsiahon sa Jerusalem, at ang
bayan ay nakubkob. **11** At si Nabucodonosor, na hari sa
Babilonia ay naparoon sa bayan, samantalang ang kaniyang
mga lingkod ay nangakukulong. **12** At nilabas ni Joachin na
hari sa Juda ang hari sa Babilonia, niya, at ng kaniyang ina,
at ng kaniyang mga lingkod, at ng kaniyang mga prinsipe,
at ng kaniyang mga pinuno: at kinuha siya ng hari ng
Babilonia sa ikawalong taon ng kaniyang paghahari. **13** At
dinala niya mula roon ang lahat na kayamanan ng bahay ng
Panginoon, at ang mga kayamanan ng bahay ng hari, at
pinagputolputol ang lahat na kasangkapang ginto na ginawa
ng haring Salomon sa templo ng Panginoon, gaya ng sinabi
ng Panginoon. **14** At kaniyang dinala ang buong Jerusalem,
at ang lahat na prinsipe, at ang lahat na makapangyarihang
lalake na may tapang, sa makatuwid baga'y sangpung
libong bihag, at ang lahat na manggagawa at mangbabakal;
walang nalabi liban sa mga pinakadukha sa bayan ng lupain.
**15** At dinala niya si Joachin sa Babilonia; at ang ina ng
hari, at ang mga asawa ng hari, at ang kaniyang mga
pinuno, at ang mga pinakamahal sa lupain, ay dinala niya sa
pagkabihag sa Babilonia mula sa Jerusalem. **16** At ang lahat
na makapangyarihang lalake na pitong libo, at ang mga
manggagawa at ang mga mangbabakal na isang libo, lahat
na sa kanila ay malakas at matalino sa pakikipagdigma, ay
pinagdadalang bihag sa Babilonia ng hari. **17** At ginawa ng
hari sa Babilonia na hari si Matanias na kapatid ng ama ni
Joachin na kahalili niya, at binago ang kaniyang pangalan ng
Sedecias. **18** Si Sedecias ay may dalawangpu't isang taon
nang magpasimulang maghari, at siya'y nagharing labing
isang taon sa Jerusalem: at ang pangalan ng kaniyang ina
ay Amutal na anak ni Jeremias na taga Libna. **19** At siya'y
gumawa ng masama sa paningin ng Panginoon, ayon sa
lahat na ginawa ni Joachin. **20** Sapagka't sa pamamagitan
ng galit ng Panginoon ay nangyari sa Jerusalem at sa Juda,
hanggang sa kaniyang itinaboy sila sa kaniyang harap: at si
Sedecias ay nanghimagsik laban sa hari sa Babilonia.

**25** At nangyari nang ikasiyam na taon ng kaniyang
paghahari sa ikasangpung buwan, nang ikasangpung
araw ng buwan, na si Nabucodonosor na hari sa Babilonia ay
naparoon, siya at ang buo niyang hukbo, laban sa Jerusalem,
at humantong laban doon; at nagsipagtayo sila ng mga kuta
sa palibot laban doon. **2** Sa gayo'y nakubkob ang bayan
hanggang sa ikalabing isang taon ng haring Sedecias. **3**
Nang ikasiyam na araw ng ikaapat na buwan, ang kagutom

ay lumala sa bayan, na anopa't walang tinapay sa bayan ng
lupain. **4** Nang magkagayo'y gumawa ng isang butas sa
kuta ng bayan, at ang lahat na lalaking mangdidigma ay
nagsitakas sa gabi sa daan ng pintuang-bayan sa pagitan
ng dalawang kuta, na nasa siping ng halamanan ng hari
(ang mga Caldeo nga ay nangasa tapat ng palibot ng bayan;
) at ang hari ay yumaon sa daan ng Araba. **5** Nguni't hinabol
ng hukbo ng mga Caldeo ang hari, at inabutan nila siya
sa mga kapatagan ng Jerico: at ang buo niyang hukbo ay
nangalat sa kaniya. **6** Nang magkagayo'y kinuha nila ang
hari at dinala nila siya sa hari sa Babilonia sa Ribla; at sila'y
nangagbigay ng kahatulan sa kaniya. **7** At kanilang pinatay
ang mga anak ni Sedecias, sa harap ng kaniyang mga
mata, at inukit ang mga mata ni Sedecias at siya'y nilagyan
ng damal, at dinala siya sa Babilonia. **8** Nang ikalimang
buwan nga, nang ikapitong araw ng buwan, na siyang
ikalabing siyam na taon ng haring Nabucodonosor, na hari
sa Babilonia, ay naparoon sa Jerusalem si Nabuzaradan na
punong kawal ng bantay, na lingkod ng hari sa Babilonia. **9**
At kaniyang sinunog ang bahay ng Panginoon, at ang bahay
ng hari; at ang lahat na bahay sa Jerusalem, sa makatuwid
baga'y bawa't malaking bahay, ay sinunog niya ng apoy.
**10** At ibinagsak ang mga kuta ng Jerusalem sa palibot,
ng buong hukbo ng mga Caldeo, na kasama ng punong
kawal ng bantay. **11** At ang nalabi na mga tao na naiwan
sa bayan, at yaong nagsihiwalay, na nagsihilig sa hari sa
Babilonia, at ang labi sa karamihan, ay dinalang bihag ni
Nabuzaradan na punong kawal ng bantay. **12** Nguni't iniwan
ng punong kawal ng bantay ang mga pinakadukha sa lupain
upang maging maguubas at magbubukid. **13** At ang mga
haliging tanso na nangasa bahay ng Panginoon, at ang mga
tungtungan at ang dagatdagatan na tanso na nasa bahay
ng Panginoon, ay dinurog ng mga Caldeo, at dinala ang
tanso sa Babilonia. **14** At ang mga palayok, at ang mga
pala, at ang mga gunting, at ang mga kutchara, at ang lahat
na kasangkapan na tanso na kanilang ipinangangasiwa,
ay kanilang dinala. **15** At ang mga apuyan, at ang mga
mangkok; na ang sa ginto, ay ginto, at ang sa pilak ay
pilak, pinagdadala ng punong kawal ng bantay. **16** Ang
dalawang haligi, ang dagatdagatan, at ang mga tungtungan,
na ginawa ni Salomon sa bahay ng Panginoon; ang tanso
ng lahat ng kasangkapang ito ay walang timbang. **17** Ang
taas ng isang haligi ay labing walong siko, at isang kapitel
na tanso ang nasa dulo niyaon; at ang taas ng kapitel
ay tatlong siko, na may yaring lambat at mga granada sa
kapitel sa palibot, lahat ay tanso; at mayroong gaya ng
mga ito ang ikalawang haligi na may yaring lambat. **18** At
kinuha ng punong kawal ng bantay si Saraias na dakilang
saserdote, at si Sophonias na ikalawang saserdote, at ang
tatlong tagatanod-pinto: **19** At sa bayan ay kumuha siya ng
isang pinuno na inilagay sa mga lalaking mangdidigma: at
limang lalake sa kanila na nakakita ng mukha ng hari na
nangasumpungan sa bayan: at ang kalihim, ang punong
kawal ng hukbo, na humusay ng bayan ng lupain; at anim
na pung lalake ng bayan ng lupain, na nangasumpungan sa
bayan. **20** At kinuha sila ni Nabuzaradan na punong kawal
ng bantay, at dinala sila sa hari sa Babilonia sa Ribla. **21** At
sinaktan sila ng hari sa Babilonia, at pinatay sila sa Ribla,
sa lupain ng Hamath. Sa gayo'y dinala ang Juda na bihag
mula sa kaniyang lupain. **22** At tungkol sa bayan na naiwan
sa lupain ng Juda, na iniwan ni Nabucodonosor na hari sa
Babilonia, ay sa mga yaon ginawa niyang tagapamahala
si Gedalias na anak ni Ahicam, na anak ni Saphan. **23**
Nang mabalitaan nga ng lahat ng pinuno ng mga hukbo,
nila, at ng kanilang mga lalake, na ginawang tagapamahala
si Gedalias ng hari sa Babilonia, ay nagsiparoon sila kay
Gedalias sa Mizpa, sa makatuwid bagay si Ismael na anak
ni Nathanias, at si Johanan na anak ni Carea, at si Saraia
na anak ni Tanhumet, na Netofatita, at si Jaazanias na
anak ng Maachateo, sila at ang kanilang mga lalake. **24**
At si Gedalias ay sumampa sa kanila at sa kanilang mga
lalake, at nagsabi sa kanila, Kayo'y huwag mangatakot ng
dahil sa mga lingkod ng mga Caldeo: magsitahan kayo sa
lupain, at kayo'y magsipaglingkod sa hari sa Babilonia, at
ikabubuti ninyo. **25** Nguni't nangyari nang ikapitong buwan,
na si Ismael na anak ni Nathanias, na anak ni Elisama, na
mula sa lahing hari, at sangpung lalake na kasama niya,
ay naparoon, at sinaktan si Gedalias, na anopa't namatay,
at ang mga Judio at ang mga Caldeo, na mga kasama
niya sa Mizpa. **26** At ang buong bayan, maliit at gayon din
ang malaki, at ang mga pinuno ng hukbo, ay nagsitindig,
at nagsiparoon sa Egipto; sapagka't sila'y nangatakot sa
mga Caldeo. **27** At nangyari nang ikatatlongpu't pitong taon
ng pagkabihag ni Joachin na hari sa Juda, nang ikalabing
dalawang buwan, nang ikadalawangpu't pitong araw ng
buwan, na si Evil-merodach na hari sa Babilonia, nang
taon na siya'y magpasimulang maghari, ay itinaas ang ulo
ni Joachin na hari sa Juda sa bilangguan; **28** At siya'y
nagsalita na may kagandahang loob sa kaniya, at inilagay
ang kaniyang luklukan sa itaas ng luklukan ng mga hari na
kasama niya sa Babilonia. **29** At kaniyang pinalitan ang
kaniyang damit na pagkabihag. At kumain si Joachin ng
tinapay sa harap niya na palagi sa lahat ng kaarawan ng
kaniyang buhay. **30** At tungkol sa kaloob sa kaniya, may
palaging kaloob na ibinibigay sa kaniya ang hari, bawa't araw
isang bahagi ng pagkain, lahat ng mga araw ng kaniyang
buhay.

# 1 Mga Cronica

1 Si Adam, si Seth, si Enos; 2 Si Cainan, si Mahalaleel, si
Jared; 3 Si Enoch, si Mathusalem, si Lamech, 4 Si Noe,
si Sem, si Cham, at si Japhet. 5 Ang mga anak ni Japhet: si
Gomer, at si Magog, at si Dadai, at si Javan, at si Tubal,
at si Mesec, at si Tiras. 6 At ang mga anak ni Gomer: si
Askenaz at si Riphath, at si Thogorma. 7 At ang mga anak
ni Javan: si Elisa, at si Tharsis, si Chithim at si Dodanim. 8
Ang mga anak ni Cham: si Chus, at si Misraim, si Phuth,
at si Canaan. 9 At ang mga anak ni Chus: si Seba, at si
Havila, at si Sabtha, at si Racma, at si Sabtecha. At ang
mga anak ni Racma: si Seba, at si Dedan. 10 At naging
anak ni Chus si Nimrod: siya ang nagpasimulang naging
makapangyarihan sa lupa. 11 At naging anak ni Misraim si
Ludim, at si Ananim, at si Laabim, at si Nephtuim, 12 At
si Phetrusim, at si Chasluim (na pinanggalingan ng mga
Filisteo), at si Caphtorim. 13 At naging anak ni Canaan si
Sidon, na kaniyang panganay, at si Heth, 14 At ang Jebuseo,
at ang Amorrheo, at ang Gergeseo, 15 At ang Heveo, at ang
Araceo, at ang Sineo, 16 At ang Arvadeo, at ang Samareo,
at ang Hamatheo. 17 Ang mga anak ni Sem: si Elam, at
si Assur, at si Arphaxad, at si Lud, at si Aram, at si Hus,
at si Hul, at si Gether, at si Mesec. 18 At naging anak ni
Arphaxad si Sela, at naging anak ni Sela si Heber. 19 At si
Heber ay nagkaanak ng dalawang lalake: ang pangalan
ng isa'y Peleg; sapagka't sa kaniyang mga kaarawan ay
nakalatan ng tao ang lupa; at ang pangalan ng kaniyang
kapatid ay Joctan. 20 At naging anak ni Joctan si Elmodad,
at si Seleph, at si Asarmaveth, at si Jera, 21 At si Adoram, at
si Uzal, at si Dicla; 22 At si Hebal, at si Abimael, at si Seba;
23 At si Ophir, at si Havila, at si Jobab. Lahat ng ito'y mga
anak ni Joctan. 24 Si Sem, si Arphaxad, si Sela; 25 Si Heber,
si Peleg, si Reu; 26 Si Serug, si Nachor, si Thare; 27 Si
Abram, (na siyang Abraham.) 28 Ang mga anak ni Abraham:
si Isaac, at si Ismael. 29 Ito ang kanilang mga lahi: ang
panganay ni Ismael, si Nabajot; saka si Cedar, at si Adbeel,
at si Misam, 30 Si Misma, at si Duma, si Maasa; si Hadad, at
si Thema, 31 Si Jetur, si Naphis, at si Cedma. Ito ang mga
anak ni Ismael. 32 At ang mga anak ni Cethura, na babae ni
Abraham: kaniyang ipinanganak si Zimram, at si Jocsan, at
si Medan, at si Madian, at si Isbac, at si Sua. At ang mga
anak ni Jocsan: si Seba, at si Dan. 33 At ang mga anak ni
Madian: si Epha, at si Epher, at si Henoch, at si Abida, at si
Eldaa. Lahat ng ito'y mga anak ni Cethura. 34 At naging anak
ni Abraham si Isaac. Ang mga anak ni Isaac: si Esau, at si
Israel. 35 Ang mga anak ni Esau: si Eliphas, si Rehuel, at si
Jeus, at si Jalam, at si Cora. 36 Ang mga anak ni Eliphas: si
Theman, at si Omar, si Sephi, at si Gatham, si Chenas, at si
Timna, at si Amalec. 37 Ang mga anak ni Rehuel: si Nahath,
si Zera, si Samma, at si Mizza. 38 At ang mga anak ni Seir:
si Lotan at si Sobal at si Sibeon at si Ana, at si Dison at si
Eser at si Disan. 39 At ang mga anak ni Lotan: si Hori at si
Homam: at si Timna ay kapatid na babae ni Lotan. 40 Ang
mga anak ni Sobal: si Alian at si Manahach at si Ebal, si
Sephi at si Onam. At ang mga anak ni Sibeon: si Aia at si
Ana. 41 Ang mga anak ni Ana: si Dison. At ang mga anak ni
Dison: si Hamran at si Hesban at si Ithran at si Cheran. 42
Ang mga anak ni Eser: si Bilham, at si Zaavan, at si Jaacan.
Ang mga anak ni Disan: si Hus at si Aran. 43 Ang mga ito
nga ang mga hari na nagsipaghari sa lupain ng Edom bago
naghari ang sinomang hari sa mga anak ni Israel: si Belah
na anak ni Beor: at ang pangalan ng kaniyang bayan ay
Dinaba. 44 At namatay si Belah, at si Jobab na anak ni Zera
na taga Bosra ay naghari na kahalili niya. 45 At namatay si
Jobab, at si Husam sa lupain ng mga Themaneo ay naghari
na kahalili niya. 46 At namatay si Husam, at si Adad na
anak ni Bedad na sumakit kay Madian sa parang ng Moab,
ay naghari na kahalili niya; at ang pangalan ng kaniyang
bayan ay Avith. 47 At namatay si Adad, at si Samla na taga
Masreca ay naghari na kahalili niya. 48 At namatay si Samla,
at si Saul na taga Rehoboth sa tabi ng Ilog ay naghari na
kahalili niya. 49 At namatay si Saul, at si Baal-hanan na
anak ni Achbor ay naghari na kahalili niya. 50 At namatay
si Baal-hanan, at si Adad ay naghari na kahalili niya; at
ang pangalan ng kaniyang bayan ay Pai: at ang pangalan
ng kaniyang asawa ay Meetabel, na anak na babae ni
Matred, na anak na babae ni Me-zaab. 51 At namatay
si Adad. At ang mga pangulo ng Edom: ang pangulong
Timna, ang pangulong Alia, ang pangulong Jetheh; 52 Ang
pangulong Oholibama, ang pangulong Ela, ang pangulong
Phinon; 53 Ang pangulong Chenaz, ang pangulong Theman,
ang pangulong Mibzar; 54 Ang pangulong Magdiel, ang
pangulong Iram. Ito ang mga pangulo ng Edom.

2 Ito ang mga anak ni Israel: si Ruben, si Simeon, si
Levi, at si Juda, at si Issachar, at si Zabulon; 2 Si Dan,
si Jose, at si Benjamin, si Neftali, si Gad at si Aser. 3
Ang mga anak ni Juda: si Er, at si Onan, at si Sela: na
siyang tatlong ipinanganak sa kaniya ng anak na babae
ni Sua, na Cananea. At si Er, na panganay ni Juda, ay
masama sa paningin ng Panginoon; at pinatay niya siya. 4
At ipinanganak sa kaniya ni Thamar na kaniyang manugang
na babae si Phares at si Zara. Lahat na anak ni Juda ay
lima. 5 Ang mga anak ni Phares: si Hesron at si Hamul. 6 At
ang mga anak ni Zara: si Zimri, at si Ethan, at si Heman,
at si Calcol, at si Darda: lima silang lahat. 7 At ang mga
anak ni Carmi: si Achar, na mangbabagabag ng Israel, na
gumawa ng pagsalangsang sa itinalagang bagay. 8 At ang

mga anak ni Ethan: si Azaria. 9 Ang mga anak naman ni
Hesron, na mga ipinanganak sa kaniya: si Jerameel, at si
Ram, at si Chelubai. 10 At naging anak ni Ram si Aminadab;
at naging anak ni Aminadab si Nahason, na prinsipe ng mga
anak ng Juda; 11 At naging anak ni Nahason si Salma, at
naging anak ni Salma si Booz; 12 At naging anak ni Booz si
Obed, at naging anak ni Obed si Isai; 13 At naging anak ni
Isai ang kaniyang panganay na si Eliab, at si Abinadab ang
ikalawa, at si Sima ang ikatlo; 14 Si Nathanael ang ikaapat,
si Radai ang ikalima; 15 Si Osem ang ikaanim, si David ang
ikapito: 16 At ang kanilang mga kapatid na babae si Sarvia
at si Abigail. At ang mga naging anak ni Sarvia; si Abisai, at
si Joab, at si Asael, tatlo. 17 At ipinanganak ni Abigail si
Amasa: at ang ama ni Amasa ay si Jether na Ismaelita. 18
At nagkaanak si Caleb na anak ni Hesron kay Azuba na
asawa niya, at kay Jerioth: at ang mga ito ang kaniyang
mga anak: si Jeser, at si Sobad, at si Ardon. 19 At namatay
si Azuba, at nagasawa si Caleb kay Ephrata, na siyang
nanganak kay Hur sa kaniya. 20 At naging anak ni Hur si
Uri, at naging anak ni Uri si Bezaleel. 21 At pagkatapos ay
sumiping si Hesron sa anak na babae ni Machir na ama
ni Galaad; na siya niyang naging asawa, nang siya'y may
anim na pung taong gulang; at ipinanganak niya si Segub sa
kaniya. 22 At naging anak ni Segub si Jair, na nagkaroon
ng dalawang pu't tatlong bayan sa lupain ng Galaad. 23 At
sinakop ni Gesur at ni Aram ang mga bayan ni Jair sa kanila,
pati ng Cenath, at ang mga nayon niyaon, sa makatuwid
baga'y anim na pung bayan. Lahat ng ito'y mga anak ni
Machir na ama ni Galaad. 24 At pagkamatay ni Hesron
sa Caleb-ephrata ay ipinanganak nga ni Abia na asawa ni
Hesron sa kaniya si Ashur na ama ni Tecoa. 25 At ang mga
anak ni Jerameel na panganay ni Hesron ay si Ram ang
panganay, at si Buna, at si Orem, at si Osem, si Achia. 26
At si Jerameel ay nagasawa ng iba, na ang pangalan ay
Atara; siya ang ina ni Onam. 27 At ang mga anak ni Ram na
panganay ni Jerameel ay si Maas, at si Jamin, at si Acar.
28 At ang mga anak ni Onam ay si Sammai, at si Jada. At
ang mga anak ni Sammai: si Nadab, at si Abisur. 29 At ang
pangalan ng asawa ni Abisur ay Abihail; at ipinanganak
niya sa kaniya si Aban, at si Molib. 30 At ang mga anak ni
Nadab: si Seled, at si Aphaim: nguni't si Seled ay namatay
na walang anak. 31 At ang mga anak ni Aphaim: si Isi. At
ang mga anak ni Isi; si Sesan. At ang mga anak ni Sesan: si
Alai. 32 At ang mga anak ni Jada, na kapatid ni Sammai: si
Jether, at si Jonathan: at si Jether ay namatay na walang
anak. 33 At ang mga anak ni Jonathan: si Peleth, at si Zaza.
Ito ang mga anak ni Jerameel. 34 Si Sesan nga ay hindi
nagkaanak ng mga lalake, kundi mga babae. At si Sesan
ay may isang alipin na taga Egipto, na ang pangalan ay
Jarha. 35 At pinapagasawa ni Sesan ang kaniyang anak
na babae kay Jarha na kaniyang alipin at ipinanganak niya
si Athai sa kaniya. 36 At naging anak ni Athai si Nathan,
at naging anak ni Nathan si Zabad; 37 At naging anak ni
Zabad si Ephlal, at naging anak ni Ephlal, si Obed. 38 At
naging anak ni Obed si Jehu, at naging anak ni Jehu si
Azarias; 39 At naging anak ni Azarias si Heles, at naging
anak ni Heles si Elasa; 40 At naging anak ni Elasa si Sismai,
at naging anak ni Sismai si Sallum; 41 At naging anak ni
Sallum si Jecamia, at naging anak ni Jecamia si Elisama.
42 At ang mga anak ni Caleb na kapatid ni Jerameel ay si
Mesa na kaniyang panganay, na siyang ama ni Ziph; at ang
mga anak ni Maresa na ama ni Hebron. 43 At ang mga
anak ni Hebron: si Core, at si Thaphua, at si Recem, at si
Sema. 44 At naging anak ni Sema si Raham, na ama ni
Jorcaam; at naging anak ni Recem si Sammai. 45 At ang
anak ni Sammai ay si Maon; at si Maon ay ama ni Beth-zur.
46 At ipinanganak ni Epha, na babae ni Caleb, si Haran, at si
Mosa, at si Gazez: at naging anak ni Haran si Gazez. 47
At ang mga anak ni Joddai: si Regem, at si Jotham, at si
Gesan, at si Pelet, at si Epha, at si Saaph. 48 Ipinanganak
ni Maacha, na babae ni Caleb, si Sebet, at si Thirana. 49
Ipinanganak din niya si Saaph na ama ni Madmannah, si
Seva na ama ni Macbena, at ang ama ni Ghiba; at ang anak
na babae ni Caleb ay si Acha. 50 Ito ang mga naging anak ni
Caleb, na anak ni Hur, na panganay ni Ephrata: si Sobal na
ama ni Chiriath-jearim; 51 Si Salma na ama ni Bethlehem,
si Hareph na ama ni Beth-gader. 52 At si Sobal na ama
ni Chiriath-jearim ay nagkaanak; si Haroeh, na kalahati
ng mga Manahethita. 53 At ang mga angkan ni Chiriath-
jearim: ang mga Ithreo, at ang mga Phuteo, at ang mga
Samateo, at ang mga Misraiteo; na mula sa kanila ang mga
Soratita at ang mga Estaolita. 54 Ang mga anak ni Salma:
ang Bethlehem, at ang mga Netophatita, ang Atroth-beth-
joab, at ang kalahati ng mga Manahethita, ang mga Soraita.
55 At ang mga angkan ng mga kalihim na nagsisitahan sa
Jabes: ang mga Thiratheo, ang mga Simatheo, at ang mga
Sucatheo. Ito ang mga Cineo, na nagsipagmula kay Hamath,
na ama ng sangbahayan ni Rechab.

**3** Ang mga ito nga ang mga anak ni David, na mga
ipinanganak sa kaniya sa Hebron: ang panganay ay si
Amnon, ni Achinoam na Jezreelita; ang ikalawa'y si Daniel,
ni Abigail na Carmelita; 2 Ang ikatlo'y si Absalom, na anak ni
Maacha na anak na babae ni Talmai na hari sa Gesur; ang
ikaapat ay si Adonias na anak ni Aggith; 3 Ang ikalima'y si
Sephatias, ni Abithal; ang ikaanim ay si Itream, ni Egla na
asawa niya. 4 Anim ang ipinanganak sa kaniya sa Hebron;
at doo'y naghari siyang pitong taon at anim na buwan: At sa
Jerusalem ay naghari siyang tatlong pu't tatlong taon. 5 At

ito ang mga ipinanganak sa kaniya sa Jerusalem: si Simma,
at si Sobab, at si Nathan, at si Solomon, apat, ni Beth-sua
na anak na babae ni Ammiel: 6 At si Ibaar, at si Elisama, at
si Eliphelet; 7 At si Noga, at si Nepheg, at si Japhia; 8 At si
Elisama, at si Eliada, at si Eliphelet, siyam; 9 Lahat ng ito'y
mga anak ni David, bukod pa ang mga anak ng mga babae;
at si Thamar ay kanilang kapatid na babae. 10 At ang anak
ni Solomon ay si Roboam, si Abia na kaniyang anak, si Asa
na kaniyang anak, si Josaphat na kaniyang anak; 11 Si
Joram na kaniyang anak, si Ochozias na kaniyang anak, si
Joas na kaniyang anak; 12 Si Amasias na kaniyang anak, si
Azarias na kaniyang anak, si Jotham na kaniyang anak; 13
Si Achaz na kaniyang anak, si Ezechias na kaniyang anak, si
Manases na kaniyang anak; 14 Si Amon na kaniyang anak,
si Josias na kaniyang anak. 15 At ang mga anak ni Josias:
ang panganay ay si Johanan, ang ikalawa'y si Joacim, ang
ikatlo'y si Sedecias, ang ikaapat ay si Sallum. 16 At ang mga
anak ni Joacim: si Jechonias na kaniyang anak, si Sedecias
na kaniyang anak. 17 At ang mga anak ni Jechonias, na
bihag: si Salathiel na kaniyang anak, 18 At si Mechiram, at si
Pedaia at si Seneaser, si Jecamia, si Hosama, at si Nedabia.
19 At ang mga anak, ni Pedaia: si Zorobabel, at si Simi. At
ang mga anak ni Zorobabel; si Mesullam, at si Hananias; at
si Selomith, na kanilang kapatid na babae: 20 At si Hasuba,
at si Ohel, at si Berechias, at si Hasadia, at si Jusabhesed,
lima. 21 At ang mga anak ni Hananias: si Pelatias, at si
Jesaias; ang mga anak ni Rephaias, ang mga anak ni Arnan,
ang mga anak ni Obdias, ang mga anak ni Sechanias. 22 At
ang mga anak ni Sechanias: si Semaias; at ang mga anak ni
Semaias: si Hattus, at si Igheal, at si Barias, at si Nearias, at
si Saphat, anim. 23 At ang mga anak ni Nearias: si Elioenai,
at si Ezechias, at si Azricam, tatlo. 24 At ang mga anak ni
Elioenai: si Odavias, at si Eliasib, at si Pelaias, at si Accub,
at si Johanan at si Delaias, at si Anani, pito.

**4** Ang mga anak ni Juda: si Phares, si Hesron, at si Carmi,
at si Hur, at si Sobal. 2 At naging anak ni Reaias na anak
ni Sobal si Jahath: at naging anak ni Jahath si Ahumai; at
si Laad. Ito ang mga angkan ng mga Sorathita. 3 At ito
ang mga anak ng ama ni Etham: si Jezreel, at si Isma, at
si Idbas: at ang pangalan ng kanilang kapatid na babae
ay Haslelponi: 4 At si Penuel na ama ni Gedor, at si Ezer
na ama ni Husa. Ito ang mga anak ni Hur, na panganay
ni Ephrata, na ama ni Bethlehem. 5 At si Asur na ama ni
Tecoa ay nagasawa ng dalawa: si Helea, at si Naara. 6 At
ipinanganak sa kaniya ni Naara si Auzam, at si Hepher, at si
Themeni, at si Ahastari. Ito ang mga anak ni Naara. 7 At ang
mga anak ni Helea ay si Sereth, at si Jesohar, at si Ethnan.
8 At naging anak ni Coz si Anob, at si Sobeba, at ang mga
angkan ni Aharhel na anak ni Arum. 9 At si Jabes ay bantog
kay sa kaniyang mga kapatid: at tinawag ng kaniyang ina
ang kaniyang pangalan na Jabes, na sinasabi, Sapagka't
ipinanganak kong may kahirapan siya. 10 At si Jabes ay
dumalangin sa Dios ng Israel, na nagsasabi, Oh ako nawa'y
iyong pagpalain, at palakihin ang aking hangganan, at ang
iyong kamay ay suma akin, at ingatan mo ako sa kasamaan,
na huwag akong maghirap! At ipinagkaloob ng Dios sa
kaniya ang kaniyang hiniling. 11 At naging anak ni Celub na
kapatid ni Sua si Machir, na siyang ama ni Esthon. 12 At
naging anak ni Esthon si Beth-rapha, at si Phasea, at si
Tehinna, na ama ni Ir-naas. Ito ang mga lalake ni Recha. 13
At ang mga anak ni Cenez: si Othniel, at si Seraiah; at ang
anak ni Othniel; si Hathath. 14 At naging anak ni Maonathi
si Ophra: at naging anak ni Seraiah si Joab, na ama ng
Geharasim; sapagka't sila'y mga manggagawa. 15 At ang
mga anak ni Caleb na anak ni Jephone; si Iru, si Ela, at si
Naham; at ang anak ni Ela; at si Cenez. 16 At ang mga anak
ni Jaleleel: si Ziph, at si Zipha, si Tirias, at si Asareel. 17 At
ang mga anak ni Ezra: si Jeter, at si Mered, at si Epher, at si
Jalon; at ipinanganak niya si Mariam, at si Sammai, at si
Isba, na ama ni Esthemoa. 18 At ipinanganak ng kaniyang
asawang Judia si Jered, na ama ni Gedor, at si Heber na
ama ni Socho, at si Icuthiel na ama ni Zanoa. At ito ang
mga anak ni Bethia na anak na babae ni Faraon, na naging
asawa ni Mered. 19 At ang mga anak ng asawa ni Odias,
na kapatid na babae ni Naham, ay ang ama ni Keila na
Garmita, at ni Esthemoa na Maachateo. 20 At ang mga
anak ni Simon: si Amnon, at si Rinna, si Benhanan, at si
Tilon. At ang mga anak ni Isi: si Zoheth, at si Benzoheth. 21
Ang mga anak ni Sela na anak ni Juda: si Er na ama ni
Lecha, at si Laada na ama ni Maresa, at ang mga angkan
ng sangbahayan ng nagsisigawa ng mainam na kayong
lino, sa sangbahayan ni Asbea; 22 At si Jaocim, at ang mga
lalake ni Chozeba, at si Joas, at si Saraph, na siyang mga
nagpasuko sa Moab, at si Jasubi-lehem. At ang alaalang
ito'y matanda na. 23 Ang mga ito'y mga magpapalyok, at
mga taga Netaim at Gedera: doo'y nagsisitahan sila na
kasama ng hari para sa kaniyang gawain. 24 Ang mga anak
ni Simeon: si Nemuel, at si Jamin, si Jarib, si Zera, si Saul:
25 Si Sallum na kaniyang anak, si Mibsam na kaniyang anak,
si Misma na kaniyang anak. 26 At ang mga anak ni Misma:
si Hamuel na kaniyang anak, si Sachur na kaniyang anak,
si Simi na kaniyang anak. 27 At si Simi ay nagkaanak ng
labing anim na lalake at anim na anak na babae; nguni't
ang kaniyang mga kapatid ay di nagkaanak ng marami,
o dumami man ang buong angkan nila na gaya ng mga
anak ni Juda. 28 At sila'y nagsitahan sa Beer-seba, at sa
Molada, at sa Hasar-sual; 29 At sa Bala, at sa Esem, at sa
Tholad; 30 At sa Bethuel, at sa Horma, at sa Siclag; 31 At

sa Beth-marchaboth, at sa Hasa-susim, at sa Beth-birai,
at sa Saaraim. Ito ang kanilang mga bayan hanggang sa
paghahari ni David. **32** At ang kanilang mga nayon ay Etam,
at Ain, Rimmon, at Tochen, at Asan, limang bayan: **33** At ang
lahat ng kanilang mga nayon ay nangasa palibot ng mga
bayang yaon, hanggang sa Baal. Ang mga ito ang naging
kanilang mga tahanan, at sila'y mayroong kanilang talaan ng
lahi. **34** At si Mesobab, at si Jamlech, at si Josias na anak ni
Amasias; **35** At si Joel, at si Jehu na anak ni Josibias, na
anak ni Seraiah, na anak ni Aziel; **36** At si Elioenai, at si
Jacoba, at si Jesohaia, at si Asaias, at si Adiel, at si Jesimiel,
at si Benaias; **37** At si Ziza, na anak ni Siphi, na anak ni Allon,
na anak ni Jedaia, na anak ni Simri, na anak ni Semaias. **38**
Ang mga itong nangabanggit sa pangalan ay mga prinsipe
sa kanilang mga angkan: at ang mga sangbahayan ng
kanilang mga magulang ay lumaking mainam. **39** At sila'y
nagsiparoon sa pasukan ng Gador, hanggang sa dakong
silanganan ng libis, upang ihanap ng pastulan ang kanilang
mga kawan. **40** At sila'y nakasumpong ng mainam na
pastulan at mabuti, at ang lupain ay maluwang, at tahimik, at
payapa; sapagka't ang nagsisitahan nang una roon ay kay
Cham. **41** At ang mga itong nangasusulat sa pangalan ay
nagsiparoon sa mga kaarawan ni Ezechias na hari sa Juda,
at iniwasak ang kanilang mga tolda, at ang mga Meunim na
nangasumpungan doon, at nilipol na lubos, hanggang sa
araw na ito, at sila'y nagsitahan na kahalili nila: sapagka't
may pastulan doon sa kanilang mga kawan. **42** At ang iba
sa kanila, sa makatuwid baga'y sa mga anak ni Simeon, na
limang daang lalake, ay nagsiparoon sa bundok ng Seir,
na ang kanilang mga punong kawal ay si Pelatia, at si
Nearias, at si Rephaias, at si Uzziel, na mga anak ni Isi.
**43** At kanilang sinaktan ang nalabi sa mga Amalecita na
nakatanan, at tumahan doon hanggang sa araw na ito.

**5** At ang mga anak ni Ruben na panganay ni Israel
(sapagka't siya ang panganay; nguni't sa paraang
kaniyang dinumhan ang higaan ng kaniyang ama, ang
kaniyang pagkapanganay ay ibinigay sa mga anak ni Jose
na anak ni Israel; at sa talaan ng lahi ay hindi marapat ibilang
ayon sa pagkapanganay. **2** Sapagka't si Juda'y nanaig sa
kaniyang mga kapatid, at sa kaniya nanggaling ang pangulo;
nguni't ang pagkapanganay ay kay Jose: ) **3** Ang mga anak
ni Ruben na panganay ni Israel: si Enoch, at si Phallu, at si
Esron, at si Charmi. **4** Ang mga anak ni Joel: si Semaias
na kaniyang anak, si Gog na kaniyang anak, si Simi na
kaniyang anak, **5** Si Micha na kaniyang anak, si Recaia
na kaniyang anak, si Baal na kaniyang anak, **6** Si Beera
na kaniyang anak, na dinalang bihag ni Tilgath-pilneser na
hari sa Asiria: siya'y prinsipe ng mga Rubenita. **7** At ang
kaniyang mga kapatid ayon sa kanilang mga angkan nang
bilangin sa talaan ng kanilang mga lahi; ang pinuno'y si Jeiel,
at si Zacharias, **8** At si Bela, na anak ni Azaz, na anak ni
Sema, na anak ni Joel, na tumatahan sa Aroer, hanggang sa
Nebo at Baal-meon: **9** At sa dakong silanganan ay tumahan
hanggang sa pasukan sa ilang na mula sa ilog Eufrates,
sapagka't ang kanilang mga hayop ay dumami sa lupain ng
Galaad. **10** At sa mga kaarawan ni Saul ay nakipagdigma
sila sa mga Hagreo, na nangahulog sa kanilang kamay; at
sila'y nagsitahan sa kanilang mga tolda sa buong lupaing
silanganan ng Galaad. **11** At ang mga anak ni Gad ay
nagsitahan sa tapat nila, sa lupain ng Basan hanggang sa
Salca: **12** Si Joel ang pinuno, at si Sepham ang ikalawa, at
si Janai, at si Saphat sa Basan: **13** At ang kanilang mga
kapatid sa mga sangbahayan ng kanilang mga magulang: si
Michael, at si Mesullam, at si Seba, at si Jorai, si Jachan, at
si Zia, at si Heber, pito. **14** Ang mga ito ang mga anak ni
Abihail na anak ni Huri, na anak ni Jaroa, na anak ni Galaad,
na anak ni Michael, na anak ni Jesiai, na anak ni Jaddo, na
anak ni Buz; **15** Si Ahi na anak ni Abdiel, na anak ni Guni,
na pinuno sa mga sangbahayan ng kanilang mga magulang.
**16** At sila'y nagsitahan sa Galaad sa Basan, at sa kaniyang
mga bayan, at sa lahat ng palibot ng Saron, na kasinglayo
ng kanilang mga hangganan. **17** Ang lahat ng mga ito'y
nangasulat sa pamamagitan ng mga talaan ng lahi sa mga
kaarawan ni Jotham na hari sa Juda, at sa mga kaarawan ni
Jeroboam na hari sa Israel. **18** Ang mga anak ni Ruben, at
ang mga Gadita, at ang kalahating lipi ni Manases, na mga
matapang na lalake na mga lalaking makadadala ng kalasag
at tabak, at makapagpapahilagpos ng busog, at bihasa sa
pakikipagdigma, ay apat na pu't apat na libo, at pitong daan
at anim na pu na makalalabas sa pakikipagdigma. **19** At sila'y
nakipagdigma sa mga Hagreo, kay Jethur, at kay Naphis, at
kay Nodab. **20** At sila'y tinulungan sa pakikilaban sa kanila,
at ang mga Hagreo ay ibinigay sa kanilang kamay, at ang
lahat sa nangasa kanila: sapagka't sila'y nagsidalangin sa
Dios sa pagbabaka, at kaniyang inayunan sila; sapagka't
sila'y naglagak ng kanilang tiwala sa kaniya. **21** At kanilang
dinala ang kanilang mga hayop; sa kanilang mga kamelyo
ay limangpung libo, at sa mga tupa ay dalawang daan at
limangpung libo, at sa mga asno ay dalawang libo, at sa
mga lalake ay isang daang libo. **22** Sapagka't maraming
nangapatay na nangabuwal, sapagka't ang pagdidigma
ay sa Dios. At sila'y nagsitahan na kahalili nila hanggang
sa pagkabihag. **23** At ang mga anak ng kalahating lipi ni
Manases ay tumahan sa lupain: sila'y nagsidami mula sa
Basan hanggang sa Baal-hermon at sa Senir at sa bundok
ng Hermon. **24** At ang mga ito ang mga pangulo ng mga
sangbahayan ng kanilang mga magulang: sa makatuwid
baga'y si Epher, at si Isi, at si Eliel, at si Azriel, at si Jeremias,

at si Odavia, at si Jadiel, na mga makapangyarihang lalaking
may tapang, na mga bantog na lalake, na mga pangulo sa
mga sangbahayan ng kanilang mga magulang. **25** At sila'y
nagsisuway laban sa Dios ng kanilang mga magulang, at
yumaong sumamba sa mga dios ng mga bayan ng lupain,
na nilipol ng Dios sa harap nila. **26** At hinikayat ng Dios ng
Israel ang diwa ni Phul na hari sa Asiria, at ang diwa ni
Tilgath-pilneser na hari sa Asiria, at dinalang bihag sila, sa
makatuwid baga'y ang mga Rubenita, at ang mga Gadita, at
ang kalahati ng lipi ni Manases, at dinala hanggang sa Hala,
at sa Habor, at sa Hara, at sa ilog ng Gozan, hanggang sa
araw na ito.

**6** Ang mga anak ni Levi: si Gerson, si Coath, at si Merari.
**2** At ang mga anak ni Coath: si Amram, si Ishar, at si
Hebron, at si Uzziel. **3** At ang mga anak ni Amram: si Aaron,
at si Moises, at si Mariam. At ang mga anak ni Aaron: si
Nadab, at si Abiu, si Eleazar, at si Ithamar. **4** Naging anak ni
Eleazar si Phinees, naging anak ni Phinees si Abisua; **5** At
naging anak ni Abisua si Bucci, at naging anak ni Bucci si
Uzzi; **6** At naging anak ni Uzzi si Zeraias, at naging anak ni
Zeraias si Meraioth; **7** Naging anak ni Meraioth si Amarias,
at naging anak ni Amarias si Achitob; **8** At naging anak ni
Achitob si Sadoc, at naging anak ni Sadoc si Achimaas;
**9** At naging anak ni Achimaas si Azarias, at naging anak
ni Azarias si Johanan; **10** At naging anak ni Johanan si
Azarias (na siyang pangulong saserdote sa bahay na itinayo
ni Salomon sa Jerusalem: ) **11** At naging anak ni Azarias si
Amarias, at naging anak ni Amarias si Achitob; **12** At naging
anak ni Achitob si Sadoc, at naging anak ni Sadoc si Sallum;
**13** At naging anak ni Sallum si Hilcias, at naging anak ni
Hilcias si Azarias; **14** At naging anak ni Azarias si Seraiah,
at naging anak ni Seraiah si Josadec; **15** At si Josadec ay
nabihag nang dalhing bihag ng Panginoon ang Juda at ang
Jerusalem sa pamamagitan ng kamay ni Nabucodonosor. **16**
Ang mga anak ni Levi: si Gersom, si Coath, at si Merari. **17**
At ang mga ito ang mga pangalan ng mga anak ni Gersom:
si Libni at si Simi. **18** At ang mga anak ni Coath ay si Amram,
at si Ishar at si Hebron, at si Uzziel. **19** Ang mga anak ni
Merari: si Mahali at si Musi. At ang mga ito ang mga angkan
ng mga Levita ayon sa mga sangbahayan ng kanilang mga
magulang. **20** Kay Gerson: si Libni na kaniyang anak, si
Joath na kaniyang anak, si Zimma na kaniyang anak; **21** Si
Joab na kaniyang anak, si Iddo na kaniyang anak, si Zera
na kaniyang anak, si Jeothrai na kaniyang anak. **22** Ang
mga anak ni Coath: si Aminadab na kaniyang anak, si Core
na kaniyang anak, si Asir na kaniyang anak; **23** Si Elcana
na kaniyang anak, at si Abiasaph na kaniyang anak, at si
Asir na kaniyang anak; **24** Si Thahath na kaniyang anak, si
Uriel na kaniyang anak, si Uzzia na kaniyang anak, at si
Saul na kaniyang anak. **25** At ang mga anak ni Elcana: si
Amasai at si Achimoth. **26** Tungkol kay Elcana, ang mga
anak ni Elcana: si Sophai na kaniyang anak, at si Nahath na
kaniyang anak; **27** Si Eliab na kaniyang anak, si Jeroham na
kaniyang anak, si Elcana na kaniyang anak. **28** At ang mga
anak ni Samuel: ang panganay ay si Joel, at ang ikalawa'y
si Abias. **29** Ang mga anak ni Merari: si Mahali, si Libni
na kaniyang anak, si Simi na kaniyang anak, si Uzza na
kaniyang anak; **30** Si Sima na kaniyang anak, si Haggia
na kaniyang anak, si Assia na kaniyang anak. **31** At ang
mga ito ang mga inilagay ni David sa pag-awit sa bahay ng
Panginoon, pagkatapos na maipagpahinga ang kaban. **32** At
sila'y nagsipangasiwa sa pamamagitan ng awit sa harap ng
tolda ng tabernakulo ng kapisanan hanggang sa itinayo ni
Salomon ang bahay ng Panginoon sa Jerusalem: at sila'y
nagsipaglingkod sa kanilang katungkulan ayon sa kanilang
pagkakahalihalili. **33** At ang mga ito ang nagsipaglingkod at
ang kanilang mga anak. Sa mga anak ng mga Coathita: si
Heman, na mangaawit, na anak ni Joel, na anak ni Samuel;
**34** Na anak ni Elcana, na anak ni Jeroham, na anak ni Eliel,
na anak ni Thoa; **35** Na anak ni Suph, na anak ni Elcana, na
anak ni Mahath, na anak ni Amasai; **36** Na anak ni Elcana,
na anak ni Joel, na anak ni Azarias, na anak ni Sophonias;
**37** Na anak ni Thahat, na anak ni Asir, na anak ni Ahiasaph,
na anak ni Core; **38** Na anak ni Ishar, na anak ni Coath,
na anak ni Levi, na anak ni Israel. **39** At ang kaniyang
kapatid na si Asaph, na siyang nakatayo sa kaniyang kanan,
sa makatuwid baga'y si Asaph na anak ni Berachias, na
anak ni Sima; **40** Na anak ni Michael, na anak ni Baasias,
na anak ni Malchias; **41** Na anak ni Athanai, na anak ni
Zera, na anak ni Adaia; **42** Na anak ni Ethan, na anak ni
Zimma, na anak ni Simi; **43** Na anak ni Jahat, na anak ni
Gersom, na anak ni Levi. **44** At sa kaliwa ay ang kanilang
mga kapatid na mga anak ni Merari: si Ethan na anak ni
Chisi, na anak ni Abdi, na anak ni Maluch; **45** Na anak ni
Hasabias, na anak ni Amasias, na anak ni Hilcias; **46** Na
anak ni Amasias, na anak ni Bani, na anak ni Semer; **47**
Na anak ni Mahali, na anak ni Musi, na anak ni Merari,
na anak ni Levi. **48** At ang kanilang mga kapatid na mga
Levita ay nangahalal sa buong paglilingkod sa tabernakulo
ng bahay ng Dios. **49** Nguni't si Aaron at ang kaniyang mga
anak ay nagsipaghandog sa ibabaw ng dambana ng handog
na susunugin, at sa ibabaw ng dambana ng kamangyan,
para sa buong gawain sa kabanalbanalang dako, at upang
tubusin sa sala ang Israel, ayon sa lahat na iniutos ni Moises
na lingkod ng Dios. **50** At ang mga ito ang mga anak ni
Aaron: si Eleazar na kaniyang anak, si Phinees na kaniyang
anak, si Abisua na kaniyang anak, **51** Si Bucci na kaniyang
anak, si Uzzi na kaniyang anak, si Zeraias na kaniyang anak,

52 Si Meraioth na kaniyang anak, si Amarias na kaniyang
anak, si Achitob na kaniyang anak, 53 Si Sadoc na kaniyang
anak, si Achimaas na kaniyang anak. 54 Ang mga ito nga
ang kanilang mga tahanang dako ayon sa kanilang mga
kampamento sa kanilang mga hangganan; sa mga anak
ni Aaron, na sa mga angkan ng mga Coathita, (sapagka't
sa kanila ang unang palad.) 55 Sa kanila ibinigay nila ang
Hebron sa lupain ng Juda, at ang mga nayon niyaon sa
palibot, 56 Nguni't ang mga bukid ng bayan, at ang mga
nayon niyaon, ay kanilang ibinigay kay Caleb na anak ni
Jephone. 57 At sa mga anak ni Aaron ay kanilang ibinigay
ang mga bayang ampunan, ang Hebron; gayon din ang Libna
pati ng mga nayon niyaon, at ang Jathir, at ang Esthemoa
pati ng mga nayon niyaon: 58 At ang Hilem pati ng mga
nayon niyaon, ang Debir pati ng mga nayon niyaon; 59 At
ang Asan pati ng mga nayon niyaon, at ang Beth-semes
pati ng mga nayon niyaon: 60 At mula sa lipi ni Benjamin;
ang Geba pati ng mga nayon niyaon, at ang Alemeth pati
ng mga nayon niyaon, at ang Anathoth pati ng mga nayon
niyaon. Ang lahat na kanilang bayan sa lahat na kanilang
angkan ay labing tatlong bayan. 61 At sa nalabi sa mga
anak ni Coath ay nabigay sa pamamagitan ng sapalaran, sa
angkan ng lipi, sa kalahating lipi, na kalahati ng Manases,
sangpung bayan. 62 At sa mga anak ni Gerson, ayon sa
kanilang mga angkan, sa lipi ni Issachar, at sa lipi ni Aser, at
sa lipi ni Nephtali, at sa lipi ni Manases sa Basan, labing
tatlong bayan. 63 Sa mga anak ni Merari ay nabigay sa
pamamagitan ng sapalaran, ayon sa kanilang mga angkan
sa lipi ni Ruben, at sa lipi ni Gad, at sa lipi ni Zabulon, labing
dalawang bayan. 64 At ibinigay ng mga anak ni Israel sa
mga Levita ang mga bayan pati ng mga nayon niyaon. 65
At kanilang ibinigay sa pamamagitan ng sapalaran sa lipi
ng mga anak ni Juda, at sa lipi ng mga anak ni Simeon, at
sa lipi ng mga anak ni Benjamin, ang mga bayang ito na
binanggit sa pangalan. 66 At ang ilan sa mga angkan ng
mga anak ni Coath ay may mga bayan sa kanilang mga
hangganan na mula sa lipi ni Ephraim. 67 At ibinigay nila sa
kanila ang mga bayang ampunan: ang Sichem sa lupaing
maburol ng Ephraim pati ng mga nayon niyaon; gayon din
ang Gezer pati ng mga nayon niyaon. 68 At ang Jocmeam
pati ng mga nayon niyaon, at ang Bet-horon pati ng mga
nayon niyaon; 69 At ang Ajalon pati ng mga nayon niyaon;
at ang Gath-rimmon pati ng mga nayon niyaon: 70 At mula
sa kalahating lipi ni Manases; ang Aner pati ng mga nayon
niyaon, at ang Bilam pati ng mga nayon niyaon, sa ganang
nangalabi sa angkan ng mga anak ng Coath. 71 Sa mga
anak ng Gerson ay nabigay, mula sa angkan ng kalahating
lipi ni Manases, ang Golan sa Basan pati ng mga nayon
niyaon, at ang Astharoth pati ng mga nayon niyaon; 72
At mula sa lipi ni Issachar, ang Cedes pati ng mga nayon
niyaon, ang Dobrath pati ng mga nayon niyaon; 73 At ang
Ramoth pati ng mga nayon niyaon, at ang Anem pati ng mga
nayon niyaon: 74 At mula sa lipi ni Aser; ang Masal pati ng
mga nayon niyaon, at ang Abdon pati ng mga nayon niyaon;
75 At ang Ucoc pati ng mga nayon niyaon, at ang Rehob
pati ng mga nayon niyaon: 76 At mula sa lipi ni Nephtali;
ang Cedes sa Galilea pati ng mga nayon niyaon, at ang
Ammon pati ng mga nayon niyaon, at ang Chiriat-haim pati
ng mga nayon niyaon. 77 Sa nangalabi sa mga Levita, na
mga anak ni Merari, ay nabigay mula sa lipi ni Zabulon,
ang Rimmono pati ng mga nayon niyaon, ang Thabor pati
ng mga nayon niyaon: 78 At sa dako roon ng Jordan sa
Jerico sa dakong silanganan ng Jordan nabigay sa kanila,
mula sa lipi ni Ruben, ang Beser sa ilang pati ng mga nayon
niyaon, at ang Jasa pati ng mga nayon niyaon, 79 At ang
Chedemoth pati ng mga nayon niyaon, at ang Mephaath pati
ng mga nayon niyaon: 80 At mula sa lipi ni Gad; ang Ramot
sa Galaad pati ng mga nayon niyaon, at ang Mahanaim pati
ng mga nayon niyaon, 81 At ang Hesbon pati ng mga nayon
niyaon, at ang Jacer pati ng mga nayon niyaon.

7 At sa mga anak ni Issachar; si Thola, at si Phua, si
Jabsub, at si Simron, apat. 2 At sa mga anak ni Thola:
si Uzzi, at si Rephaias, at si Jeriel, at si Jamai, at si
Jibsam, at si Samuel, mga pangulo sa mga sangbahayan
ng kanilang mga magulang, sa makatuwid baga'y ni Thola;
mga makapangyarihang lalaking may tapang sa kanilang
mga lahi: ang kanilang bilang sa mga kaarawan ni David ay
dalawang pu't dalawang libo at anim na raan. 3 At ang mga
anak ni Uzzi: si Izrahias: at ang mga anak ni Izrahias: si
Michael, at si Obadias, at si Joel, si Isias, lima: silang lahat ay
mga pinuno. 4 At sa kasamahan nila, ayon sa kanilang mga
lahi, ayon sa mga sangbahayan ng kanilang mga magulang,
may mga pulutong ng hukbo sa pakikipagdigma, tatlong pu't
anim na libo: sapagka't sila'y nagkaroon ng maraming asawa
at mga anak. 5 At ang kanilang mga kapatid sa lahat na
angkan ni Issachar, na mga makapangyarihang lalaking may
tapang, na nangabilang silang lahat, ayon sa talaan ng lahi,
ay walong pu't pitong libo. 6 Ang mga anak ni Benjamin: si
Bela, at si Becher, at si Jediael, tatlo. 7 At ang mga anak
ni Bela: si Esbon, at si Uzzi, at si Uzziel, at si Jerimoth,
at si Iri, lima; mga pangulo sa mga sangbahayan ng mga
magulang, mga makapangyarihang lalaking may tapang; at
sila'y nangabilang ayon sa talaan ng lahi, ay dalawang pu't
dalawang libo at tatlong pu't apat. 8 At ang mga anak ni
Becher: si Zemira, at si Joas, at si Eliezer, at si Elioenai,
at si Omri, at si Jerimoth, at si Abias, at si Anathoth, at
si Alemeth. Lahat ng ito'y mga anak ni Becher. 9 At sila'y
nangabilang ayon sa talaan ng lahi, ayon sa kanilang lahi,

na mga pangulo sa mga sangbahayan ng kanilang mga
magulang, na mga makapangyarihang lalaking may tapang,
dalawang pung libo at dalawang daan. 10 At ang mga anak
ni Jediael: si Bilhan: at ang mga anak ni Bilhan: si Jebus, at
si Benjamin, at si Aod, at si Chenaana, at si Zethan, at si
Tharsis, at si Ahisahar. 11 Lahat ng ito'y mga anak ni Jediael,
ayon sa mga pangulo ng mga sangbahayan ng kanilang
mga magulang, na mga makapangyarihang lalaking may
tapang labing pitong libo at dalawang daan na nakalalabas
sa hukbo upang makidigma. 12 Si Suppim rin naman, at
si Huppim na mga anak ni Hir, si Husim na mga anak ni
Aher. 13 Ang mga anak ni Nephtali: si Jaoel, at si Guni,
at si Jezer, at si Sallum, na mga anak ni Bilha. 14 Ang
mga anak ni Manases: si Asriel, na siyang ipinanganak ng
kaniyang babae na Aramita; ipinanganak niya si Machir na
ama ni Galaad. 15 At si Machir ay nagasawa kay Huppim
at kay Suppim, na ang pangalan ng kapatid na babae nila
ay Maacha; at ang pangalan ng ikalawa ay Salphaad: at si
Salphaad ay nagkaanak ng mga babae. 16 At si Maacha na
asawa ni Machir ay nanganak ng isang lalake, at tinawag
niya ang kaniyang pangalan na Peres; at ang pangalan ng
kaniyang kapatid ay Seres; at ang kaniyang mga anak ay si
Ulam at si Recem. 17 At ang mga anak ni Ulam; si Bedan.
Ito ang mga anak ni Galaad na anak ni Machir, na anak ni
Manases. 18 At ipinanganak ng kaniyang kapatid na babae
na si Molechet si Ichod, at si Abiezer, at si Mahala. 19 At ang
mga anak ni Semida ay si Ahian, at si Sechem at si Licci, at
si Aniam. 20 At ang mga anak ni Ephraim: si Suthela, at si
Bered na kaniyang anak, at si Thahath na kaniyang anak, at
si Elada na kaniyang anak, at si Thahath na kaniyang anak.
21 At si Zabad na kaniyang anak, at si Suthela na kaniyang
anak, at si Ezer, at si Elad, na siyang mga pinatay ng mga
lalake ng Gath na mga ipinanganak sa lupain, sapagka't
sila'y nagsilusong upang kunin ang kanilang mga hayop. 22
At si Ephraim na kanilang ama ay tumangis na maraming
araw, at ang kaniyang mga kapatid ay nagsiparoon upang
aliwin siya. 23 At siya'y sumiping sa kaniyang asawa, at
siya'y naglihi, at nagkaanak ng isang lalake, at tinawag niya
ang kaniyang pangalan na Beria, sapagka't sumakaniyang
bahay ang kasamaan. 24 At ang kaniyang anak na babae ay
si Seera, na siyang nagtayo ng Bet-horon sa ibaba at sa
itaas, at ng Uzzen-seera. 25 At naging anak niya si Repha,
at si Reseph, at si Thela na kaniyang anak, at si Taan na
kaniyang anak; 26 Si Laadan na kaniyang anak, si Ammiud
na kaniyang anak, si Elisama na kaniyang anak; 27 Si Nun
na kaniyang anak, si Josue na kaniyang anak. 28 At ang
kanilang mga pag-aari at mga tahanan ay ang Beth-el at ang
mga nayon niyaon, at ang dakong silanganan ng Naaran, at
ang dakong kalunuran ng Gezer pati ng mga nayon niyaon;
ang Sichem rin naman at ang mga nayon niyaon, hanggang
sa Asa at ang mga nayon niyaon: 29 At sa siping ng mga
hangganan ng mga anak ni Manases, ang Beth-sean at ang
mga nayon niyaon, ang Thanach at ang mga nayon niyaon,
ang Megiddo at ang mga nayon niyaon, ang Dor at ang mga
nayon niyaon. Sa mga ito nagsitahan ang mga anak ni Jose
na anak ni Israel. 30 Ang mga anak ni Aser: si Imna, at si
Isua, at si Isui, at si Beria, at si Sera na kanilang kapatid na
babae. 31 At ang mga anak ni Beria: si Heber, at si Machiel
na siyang ama ni Birzabith. 32 At naging anak ni Heber si
Japhlet, at si Semer, at si Hotham, at si Sua na kapatid na
babae nila. 33 At ang mga anak ni Japhlet si Pasac, at si
Bimhal, at si Asvath. Ang mga ito ang mga anak ni Japhlet.
34 At ang mga anak ni Semer, si Ahi, at si Roga, si Jehubba,
at si Aram. 35 At ang mga anak ni Helem na kaniyang
kapatid: si Sopha, at si Imna, at si Selles, at si Amal. 36 Ang
mga anak ni Sopha: si Sua, at si Harnapher, at si Sual, at si
Beri; at si Imra: 37 Si Beser, at si Hod, at si Samma, at si
Silsa, at si Ithram, at si Beera. 38 At ang mga anak ni Jether:
si Jephone, at si Pispa, at si Ara. 39 At ang mga anak ni
Ulla: si Ara, at si Haniel, at si Resia. 40 Ang lahat na ito ay
mga anak ni Aser, mga pangulo sa mga sangbahayan ng
mga magulang, mga pili at makapangyarihang lalake na
may tapang, mga pinuno ng mga prinsipe. At ang bilang
nilang nangabilang ayon sa talaan ng lahi sa paglilingkod sa
pagdidigma ay dalawang pu't anim na libong lalake.

8 At naging anak ni Benjamin si Bela na kaniyang panganay,
si Asbel ang ikalawa, at si Ara ang ikatlo; 2 Si Noha ang
ikaapat, at si Rapha ang ikalima. 3 At ang mga naging anak
ni Bela: si Addar, at si Gera, at si Abiud; 4 At si Abisua, at
si Naaman, at si Ahoa, 5 At si Gera, at si Sephuphim, at
si Huram. 6 At ang mga ito ang mga anak ni Ehud; ang
mga ito ang mga pangulo sa mga sangbahayan ng mga
magulang ng mga taga Gabaa, at dinala nila silang bihag
sa Manahath. 7 At si Naaman, at si Achias, at si Gera, ay
kaniyang dinalang bihag; at kaniyang ipinanganak si Uzza at
si Ahihud. 8 At si Saharaim ay nagkaanak sa parang ng
Moab, pagkatapos na kaniyang mapagpaalam sila; si Husim,
at si Baara ay ang kaniyang mga asawa. 9 At ipinanganak sa
kaniya ni Chodes na kaniyang asawa, si Jobab, at si Sibias,
at si Mesa, at si Malcham, 10 At si Jeus, at si Sochias,
at si Mirma. Ang mga ito ang kaniyang mga anak na mga
pangulo sa mga sangbahayan ng mga magulang. 11 At
ipinanganak sa kaniya ni Husim si Abitob, at si Elphaal. 12
At ang mga anak ni Elphaal: si Heber, at si Misam, at si
Semeb, na siyang nagsipagtayo ng Ono at ng Loth, pati
ng mga nayon niyaon: 13 At si Berias, at si Sema na mga
pangulo sa mga sangbahayan ng mga magulang ng mga
taga Ajalon na siyang nangagpatakas sa mga taga Gath; 14

At si Ahio, si Sasac, at si Jeremoth; 15 At si Zebadias, at si
Arad, at si Heder; 16 At si Michael, at si Ispha, at si Joa, na
mga anak ni Berias; 17 At si Zebadias, at si Mesullam, at si
Hizchi, at si Heber. 18 At si Ismari, at si Izlia, at si Jobab, na
mga anak ni Elphaal; 19 At si Jacim, at si Zichri, at si Zabdi;
20 At si Elioenai, at si Silithai, at si Eliel; 21 At si Adaias,
at si Baraias, at si Simrath, na mga anak ni Simi; 22 At si
Isphan, at si Heber, at si Eliel; 23 At si Adon, at si Zichri, at
si Hanan; 24 At si Hanania, at si Belam, at si Anthothias; 25
At si Iphdaias, at si Peniel, na mga anak ni Sasac; 26 At si
Samseri, at si Seharias, at si Atalia; 27 At si Jaarsias, at si
Elias, at si Ziri, na mga anak ni Jeroham. 28 Ang mga ito
ang mga pangulo sa mga sangbahayan ng mga magulang
ayon sa kanilang lahi, na mga pinunong lalake: ang mga
ito'y nagsitahan sa Jerusalem. 29 At sa Gabaon ay tumahan
ang ama ni Gabaon, si Jeiel, na ang pangalan ng asawa ay
Maacha: 30 At ang kaniyang anak na panganay si Abdon, at
si Sur, at si Cis, at si Baal, at si Nadab; 31 At si Gedor, at si
Ahio, at si Zecher. 32 At naging anak ni Micloth si Simea. At
sila nama'y nagsitahang kasama ng kanilang mga kapatid sa
Jerusalem, sa tapat ng kanilang mga kapatid. 33 At naging
anak ni Ner si Cis; at naging anak ni Cis si Saul; at naging
anak ni Saul si Jonathan, at si Malchi-sua, at si Abinadab, at
si Esbaal. 34 At ang anak ni Jonathan ay si Merib-baal; at
naging anak ni Merib-baal si Micha. 35 At ang mga anak ni
Micha: si Phiton, at si Melech, at si Thaarea, at si Ahaz. 36
At naging anak ni Ahaz si Joadda; at naging anak ni Joadda
si Alemeth, at si Azmaveth, at si Zimri; at naging anak ni
Zimri si Mosa; 37 At naging anak ni Mosa si Bina; si Rapha
na kaniyang anak, si Elasa na kaniyang anak, si Asel na
kaniyang anak: 38 At si Asel ay nagkaroon ng anim na anak,
na ang mga pangalan ay ito: si Azricam, si Bochru, at si
Ismael, at si Searias, at si Obadias, at si Hanan. Lahat ng
ito'y ang mga anak ni Asel. 39 At ang mga anak ni Esec na
kaniyang kapatid: si Ulam na kaniyang panganay, si Jehus
na ikalawa, at si Elipheleth na ikatlo. 40 At ang mga anak ni
Ulam ay mga makapangyarihang lalaking may tapang, na
mga mamamana, at nagkaroon ng maraming anak, at mga
anak ng mga anak, na isang daan at limangpu. Lahat, ng
ito'y ang mga anak ni Benjamin.

**9** Sa gayo'y ang buong Israel ay nabilang ayon sa mga
talaan ng lahi; at, narito, sila'y nangasusulat sa aklat
ng mga hari sa Israel. At ang Juda'y dinalang bihag sa
Babilonia dahil sa kanilang pagsalangsang. 2 Ang mga unang
mananahanan na nagsitahan sa kanilang mga pag-aari sa
kanilang mga bayan ay ang Israel, ang mga saserdote, ang
mga Levita, at ang mga Nethineo. 3 At sa Jerusalem ay
tumahan sa mga anak ni Juda, at sa mga anak ni Benjamin,
at sa mga anak ni Ephraim at Manases; 4 Si Urai, na
anak ni Amiud, na anak ni Omri, na anak ni Imrai, na anak
ni Bani, sa mga anak ni Phares na anak ni Juda. 5 At
sa mga Silonita: si Asaias na panganay, at ang kaniyang
mga anak. 6 At sa mga anak ni Zara: si Jehuel, at ang
kanilang mga kapatid, na anim na raan at siyam na pu. 7 At
sa mga anak ni Benjamin: si Sallu, na anak ni Mesullam,
na anak ni Odavia, na anak ni Asenua; 8 At si Ibnias na
anak ni Jeroham, at si Ela na anak ni Uzzi, na anak ni
Michri, at si Mesullam na anak ni Sephatias, na anak ni
Rehuel, na anak ni Ibnias; 9 At ang kanilang mga kapatid,
ayon sa kanilang mga lahi, na siyam na raan at limangpu't
anim. Lahat ng mga lalaking ito ay mga pangulo sa mga
sangbahayan ng mga magulang ayon sa mga sangbahayan
ng kanilang mga magulang. 10 At sa mga saserdote: si
Jedaia, at si Joiarib, at si Joachim. 11 At si Azarias na
anak ni Hilcias, na anak ni Mesullam, na anak ni Sadoc,
na anak ni Meraioth, na anak ni Achitob, na tagapamahala
sa bahay ng Dios; 12 At si Adaias na anak ni Jeroham, na
anak ni Phasur, na anak ni Machias, at si Mahsai na anak ni
Adiel, na anak ni Jazera, na anak ni Mesullam, na anak
ni Mesillemith, na anak ni Immer; 13 At ang kanilang mga
kapatid, na mga pangulo sa mga sangbahayan ng kanilang
mga magulang, na isang libo at pitong daan at anim na pu;
na mga lalaking totoong bihasa sa gawaing paglilingkod
sa bahay ng Dios. 14 At sa mga Levita: si Semeias na
anak ni Hassub, na anak ni Azricam, na anak ni Hasabias
sa mga anak ni Merari; 15 At si Bacbacar, si Heres, at si
Galal, at si Mattania na anak ni Michas, na anak ni Zichri,
na anak ni Asaph; 16 At si Obadias na anak ni Semeias,
na anak ni Galal, na anak ni Iduthum, at si Berechias na
anak ni Asa na anak ni Elcana, na tumahan sa mga nayon
ng mga Nethophatita. 17 At ang mga tagatanod-pinto: si
Sallum, at si Accub, at si Talmon, at si Ahiman: at ang
kanilang mga kapatid (si Sallum ang puno), 18 Na hanggang
ngayo'y namamalagi sa pintuang-daan ng hari na dakong
silanganan: sila ang mga tagatanod-pinto sa kampamento
ng mga anak ni Levi. 19 At si Sallum na anak ni Core, na
anak ni Abiasath, na anak ni Corah, at ang kaniyang mga
kapatid, sa sangbahayan ng kaniyang magulang, ang mga
Koraita ay nangamamahala sa gawaing paglilingkod, na
mga tagapagingat ng mga pintuang-daan ng tabernakulo; at
ang kanilang mga magulang ay nangapasa kampamento
ng Panginoon, na mga tagapagingat ng pasukan. 20 At
si Phinees na anak ni Eleazar ay pinuno sa kanila nang
panahong nakaraan, at ang Panginoon ay sumasa kaniya.
21 Si Zacarias na anak ni Meselemia ay tagatanod-pinto
ng tabernakulo ng kapisanan. 22 Lahat ng mga ito na mga
napili upang maging mga tagatanod-pinto sa mga pintuang-
daan ay dalawang daan at labing dalawa. Ang mga ito'y

nangabilang ayon sa talaan ng lahi sa kanilang mga nayon,
na siyang pinagkatiwalaan sa kanilang katungkulan ni David
at ni Samuel na tagakita. **23** Sa gayo'y sila, at ang kanilang
mga anak ay namahala na pinakabantay sa mga pintuang-
daan ng bahay ng Panginoon, sa makatuwid baga'y ng bahay
ng tabernakulo, ayon sa paghahalinhinan. **24** Na sa apat
na sulok ang mga tagatanod-pinto, sa dakong silanganan,
kalunuran, hilagaan, at timugan. **25** At ang kanilang mga
kapatid, sa kanilang mga nayon, ay paroroon sa bawa't
pitong araw, tuwing kapanahunan upang sumakanila: **26**
Sapagka't ang apat na punong tagatanod-pinto, na mga
Levita, ay nangasa takdang katungkulan, at nangasa mga
silid at sa mga ingatangyaman sa bahay ng Dios. **27** At
sila'y nagsitahan sa palibot ng bahay ng Dios, sapagka't
ang katungkulan doon ay kanila, at sa kanila nauukol ang
pagbubukas tuwing umaga. **28** At ang ilan sa kanila ay
may katungkulan sa mga kasangkapan na ipinaglilingkod;
sapagka't ayon sa bilang ipinapasok, at ayon sa bilang
inilalabas. **29** Ang ilan naman sa kanila ay nangahalal sa
kasangkapan, at sa lahat ng mga kasangkapan ng santuario,
at sa mainam na harina, at sa alak, at sa langis, at sa
kamangyan, at sa mga espesia. **30** At ang ilan sa mga anak
ng mga saserdote ay nagsisipaghanda ng paghahalohalo ng
mga espesia. **31** At si Mathathias, na isa sa mga Levita,
na siyang panganay ni Sallum na Coraita, may takdang
katungkulan sa mga bagay na niluluto sa kawali. **32** At
ang ilan sa kanilang mga kapatid sa mga anak ng mga
Coatita, ay nangasa tinapay na handog upang ihanda bawa't
sabbath. **33** At ang mga ito ang mga mangaawit, na mga
pangulo sa mga sangbahayan ng mga magulang ng mga
Levita, na mga nagsisitahan sa mga silid, at mga laya sa
ibang katungkulan: sapagka't sila'y nangalalagay sa kanilang
gawain araw at gabi. **34** Ang mga ito ay mga pangulo sa
mga sangbahayan ng mga magulang ng mga Levita, ayon
sa kanilang lahi na mga lalaking pinuno: ang mga ito'y
nagsitahan sa Jerusalem. **35** At sa Gabaon ay tumahan ang
ama ni Gabaon, si Jehiel, na ang pangalan ng kaniyang
asawa ay Maacha: **36** At ang anak niyang panganay si
Abdon, at si Sur, at si Cis, at si Baal, at si Ner, at si Nadab;
**37** At si Gedor, at si Ahio, at si Zacharias, at si Micloth. **38** At
naging anak ni Micloth si Samaam. At sila nama'y nagsitahan
na kasama ng kanilang mga kapatid sa Jerusalem, sa tapat
ng kanilang mga kapatid. **39** At naging anak ni Ner si Cis;
at naging anak ni Cis si Saul; at naging anak ni Saul si
Jonathan, at si Malchi-sua, at si Abinadab, at si Esbaal. **40**
At ang anak ni Jonathan ay si Merib-baal; at naging anak
ni Merib-baal si Micha. **41** At ang mga anak ni Micha: si
Phiton, at si Melech, at si Tharea, at si Ahaz. **42** At naging
anak ni Ahaz si Jara; at naging anak ni Jara si Alemeth, at si
Azmaveth, at si Zimri; at naging anak ni Zimri si Mosa; **43** At
naging anak ni Mosa si Bina; at si Rephaia na kaniyang
anak, si Elasa na kaniyang anak, si Asel na kaniyang anak:
**44** At si Asel ay nagkaroon ng anim na anak, na ang kanilang
mga pangalan ay ang mga ito: si Azricam, si Bochru, at si
Ismael, at si Seraia, at si Obadias, at si Hanan: ang mga ito
ang mga naging anak ni Asel.

**10** Ang mga Filisteo nga ay nakipaglaban sa Israel: at ang
mga lalake ng Israel ay nagsitakas sa harap ng mga
Filisteo, at nangabuwal na patay sa bundok ng Gilboa. **2** At
ang mga Filisteo ay nangagsisunod na mainam sa likuran ni
Saul at ng kaniyang mga anak; at pinatay ng mga Filisteo si
Jonathan, at si Abinadab, at si Malchi-sua, na mga anak
ni Saul. **3** At ang pagbabaka ay lumalang mainam laban
kay Saul, at inabutan siya ng mga mamamana; at siya'y
nahirapan dahil sa mga mamamana. **4** Nang magkagayo'y
sinabi ni Saul sa kaniyang tagadala ng sandata: Bunutin mo
ang iyong tabak, at iyong palagpasin sa akin; baka ang mga
hindi tuling ito ay magsiparito at pahirapan ako. Nguni't hindi
inibig ng kaniyang tagadala ng sandata; sapagka't siya'y
totoong natakot. Kaya't kinuha ni Saul ang kaniyang tabak, at
nagpatibuwal doon. **5** At nang makita ng kaniyang tagadala
ng sandata na si Saul ay patay, siya nama'y nagpatibuwal sa
kaniyang tabak, at namatay. **6** Gayon namatay si Saul, at ang
kaniyang tatlong anak; at ang kaniyang buong sangbahayan
ay namatay na magkakasama. **7** At nang makita ng lahat na
lalake ng Israel na nangasa libis na sila'y nagsitakas, at si
Saul at ang kaniyang mga anak ay patay, ay kanilang iniwan
ang kanilang mga bayan at nagsitakas; at ang mga Filisteo
ay nagsiparoon at nagsitahan sa mga yaon. **8** At nangyari
nang kinaumagahan nang magsiparoon upang hubaran ng
mga Filisteo ang nangapatay, na kanilang nasumpungan si
Saul at ang kaniyang mga anak na buwal sa bundok ng
Gilboa. **9** At hinubaran nila siya at kinuha ang kaniyang ulo,
at ang kaniyang sandata, at ipinadala sa lupain ng mga
Filisteo sa palibot, upang ibalita sa kanilang mga diosdiosan,
at sa bayan. **10** At inilagay nila ang kaniyang sandata sa
bahay ng kanilang mga dios, at ipinako ang kaniyang ulo sa
bahay ni Dagon. **11** At nang mabalitaan ng buong Jabes-
galaad ang buong ginawa ng mga Filisteo kay Saul, **12**
Ang lahat na matapang na lalake ay nagsitindig, at kinuha
ang bangkay ni Saul, at ang mga bangkay ng kaniyang
mga anak, at dinala sa Jabes, at inilibing ang kanilang
mga buto sa ilalim ng ensina sa Jabes, at nangagayunong
pitong araw. **13** Sa gayo'y namatay si Saul dahil sa kaniyang
pagsalangsang na kaniyang nagawa laban sa Panginoon,
dahil sa salita ng Panginoon na hindi niya iningatan; at dahil
naman na siya'y nakipagsanggunian sa masamang espiritu,
upang pagsiyasatan. **14** At hindi nagsiyasat sa Panginoon:

kaya't pinatay niya siya, at inilipat ang kaharian kay David na
anak ni Isai.

**11** Nang magkagayo'y ang buong Israel ay nagpipisan
kay David sa Hebron, na nagsasabi, Narito, kami
ay iyong buto at iyong laman. **2** Nang mga panahong
nakaraan, sa makatuwid baga'y nang si Saul ay hari, ikaw
ang pumapatnubay at nagpapasok sa Israel: at sinabi sa
iyo ng Panginoon mong Dios, Iyong aalagaan ang aking
bayang Israel, at ikaw ay magiging pangulo ng aking bayang
Israel. **3** Sa gayo'y lahat ng mga matanda sa Israel ay
nagsiparoon sa hari sa Hebron; at si David ay nakipagtipan
sa kanila sa Hebron sa harap ng Panginoon, at kanilang
pinahiran ng langis si David na hari sa Israel, ayon sa salita
ng Panginoon sa pamamagitan ni Samuel. **4** At si David
at ang buong Israel ay naparoon sa Jerusalem (na siyang
Jebus); at ang mga Jebuseo na mga tagaroon sa lupain, ay
nangandoon. **5** At sinabi ng mga taga Jebus kay David,
Ikaw ay hindi makapapasok rito. Gayon ma'y sinakop ni
David ang katibayan ng Sion; na siyang bayan ni David. **6** At
sinabi ni David, Sinomang sumakit sa mga Jebuseo na una
ay magiging pinuno at kapitan. At si Joab na anak ni Sarvia
ay sumampang una, at naging pinuno. **7** At si David ay
tumahan sa katibayan; kaya't kanilang tinawag na bayan ni
David. **8** At kaniyang itinayo ang bayan sa palibot, mula sa
Millo hanggang sa palibot: at hinusay ni Joab ang nalabi sa
bayan. **9** At si David ay dumakila ng dumakila; sapagka't ang
Panginoon ng mga hukbo ay sumasa kaniya. **10** Ang mga ito
ang mga pinuno ng mga makapangyarihang lalake na nasa
kay David, na napakilala na malakas na kasama niya sa
kaniyang kaharian, na kasama ng buong Israel, upang gawin
siyang hari, ayon sa salita ng Panginoon tungkol sa Israel.
**11** At ito ang bilang ng mga makapangyarihang lalake na
nasa kay David: si Jasobam, na anak ng isang Hachmonita,
na pinuno ng tatlongpu; siya ang nagtaas ng kaniyang sibat
laban sa tatlong daan, at pinatay niya sila na paminsan. **12** At
pagkatapos niya ay si Eleazar na anak ni Dodo, na Ahohita,
na isa sa tatlong makapangyarihang lalake. **13** Siya'y kasama
ni David sa Pasdammin, at doo'y ang mga Filisteo ay
nagpipisan upang bumaka, na kinaroroonan ng isang putol
na lupa na puno ng sebada; at ang bayan ay tumakas sa
harap ng mga Filisteo. **14** At sila'y nagsitayo sa gitna ng putol
na yaon at ipinagsanggalang, at pinatay ang mga Filisteo;
at iniligtas ng Panginoon sila sa pamamagitan ng isang
dakilang pagtatagumpay. **15** At binaba sa malaking bato si
David ng tatlo sa tatlongpung pinuno, sa loob ng yungib ni
Adullam; at ang hukbo ng mga Filisteo ay humantong sa
libis ng Raphaim. **16** At si David nga ay nasa katibayan,
at ang pulutong ng mga Filisteo ay nasa Bethlehem noon.
**17** At si David ay nagbuntonghininga, at nagsabi, Oh may
magbigay sana sa akin ng tubig sa balon ng Bethlehem
na mainom, na nasa siping ng pintuang-bayan! **18** At ang
tatlo'y nagsisagasa sa hukbo ng mga Filisteo, at nagsiigib ng
tubig sa balon ng Bethlehem na nasa siping ng pintuang-
bayan, at kinuha at dinala kay David: nguni't hindi ininom
ni David yaon, kundi ibinuhos na pinakainuming handog
sa Panginoon. **19** At sinabi, Huwag itulot sa akin ng aking
Dios na aking gawin ito; iinumin ko ba ang dugo ng mga
lalaking ito na ipinain ang kanilang buhay sa pagkamatay?
sapagka't sa pagpapain ng kanilang mga buhay ay kanilang
dinala. Kaya't hindi niya ininom. Ang mga bagay na ito
ay ginawa ng tatlong makapangyarihang lalake. **20** At si
Abisai na kapatid ni Joab, siyang pinuno ng tatlo: sapagka't
kaniyang itinaas ang kaniyang sibat laban sa tatlong daan,
at pinatay niya sila, at nagkaroon ng pangalan sa tatlo. **21**
Sa tatlo, siya'y lalong marangal kay sa dalawa, at ginawang
kanilang pinunong kawal: gayon ma'y hindi siya umabot sa
unang tatlo. **22** Si Benaias na anak ni Joiada, na anak ng
isang matapang na lalake sa Cabseel, na gumawa ng mga
makapangyarihang gawa, ay kaniyang pinatay ang dalawang
anak ni Ariel na taga Moab: siya'y bumaba rin naman at
pumatay ng isang leon sa gitna ng isang hukay sa panahon
ng niebe. **23** At siya'y pumatay ng isang taga Egipto, na
isang lalaking may malaking bulas, na limang siko ang taas;
at sa kamay ng taga Egipto ay may isang sibat na gaya ng
panghabi ng manghahabi; at binaba niya siya na may isang
tungkod, at inagaw ang sibat sa kamay ng taga Egipto, at
pinatay niya siya ng kaniyang sariling sibat. **24** Ang mga
bagay na ito ay ginawa ni Benaias na anak ni Joiada, at
nagkapangalan sa tatlong makapangyarihang lalake. **25**
Narito, siya'y lalong marangal kay sa tatlongpu, nguni't hindi
siya umabot sa unang tatlo: at inilagay ni David sa kaniya na
bantay. **26** Ang mga makapangyarihang lalake naman sa
mga hukbo; si Asael na kapatid ni Joab, si Elchanan na anak
ni Dodo na taga Bethlehem: **27** Si Samoth na Arorita, si
Helles na Pelonita; **28** Si Ira na anak ni Acces na Tecoita, si
Abiezer na Anathothita; **29** Si Sibbecai na Husatita, si Ilai na
Ahohita; **30** Si Maharai na Nethophatita, si Heled na anak ni
Baana na Nethophatita; **31** Si Ithai na anak ni Ribai na taga
Gabaath, sa mga anak ni Benjamin, si Benaias na Phirathita.
**32** Si Hurai sa mga batis ng Gaas, si Abiel na Arbathonita;
**33** Si Azmaveth na Baharumita, si Eliaba na Saalbonita; **34**
Ang mga anak ni Asem na Gizonita, si Jonathan na anak ni
Saje na Hararita; **35** Si Ahiam na anak ni Sachar, na Ararita,
si Eliphal na anak ni Ur; **36** Si Hepher na Mecherathita, si
Ahia na Phelonita; **37** Si Hesro na Carmelita, si Nahari na
anak ni Ezbai; **38** Si Joel na kapatid ni Nathan, si Mibhar
na anak ni Agrai, **39** Si Selec na Ammonita, si Naarai na
Berothita, na tagadala ng sandata ni Joab na anak ni Sarvia;

40 Si Ira na Ithrita, si Yared na Ithrita: 41 Si Uria na Hetheo,
si Zabad na anak ni Ahli; 42 Si Adina na anak ni Siza na
Rubenita, na pinuno ng mga Rubenita, at tatlongpu ang
kasama niya; 43 Si Hanan na anak ni Maacha, at si Josaphat
na Mithnita; 44 Si Uzzias na Astarothita, si Samma at si
Jehiel na mga anak ni Hotham na Arorita; 45 Si Jediael na
anak ni Simri; at si Joha na kaniyang kapatid, na Thisaita;
46 Si Eliel na Mahavita, at si Jeribai, at si Josabias na mga
anak ni Elnaam, at si Ithma na Moabita; 47 Si Eliel, at si
Obed, at si Jaasiel, na taga Mesobiata.

**12** Ang mga ito nga ang nagsiparoon kay David sa Siclag,
samantalang siya'y nagkukubli pa dahil kay Saul na
anak ni Cis: at sila'y nasa mga makapangyarihang lalake,
na kaniyang mga katulong sa pakikipagdigma. 2 Sila'y
nasasakbatan ng mga busog, at kanilang ginagamit kapuwa
ang kanang kamay at kaliwa sa pagpapahilagpos ng mga
bato, at sa pagpapahilagpos ng mga pana mula sa busog;
sila'y sa mga kapatid ni Saul sa Benjamin. 3 Ang pinuno ay si
Ahiezer, saka si Joas, na mga anak ni Semaa na Gabaathita;
at si Jeziel, at si Pheleth, na mga anak ni Azmaveth; at
si Beraca, at si Jehu na Anathothita; 4 At si Ismaias na
Gabaonita, na makapangyarihang lalake sa tatlongpu, at
pinuno ng tatlongpu; at si Jeremias, at si Jahaziel, at si
Joanan, at si Jozabad na Gederathita; 5 Si Eluzai, at si
Jeremoth, at si Bealias, at si Semarias, at si Sephatias na
Haruphita; 6 Si Elcana, at si Isias, at si Azareel, at si Joezer,
at si Jasobam, na mga Corita: 7 At si Joela, at si Zebadias,
na mga anak ni Jeroham na taga Gedor. 8 At sa mga Gadita
ay nagsihiwalay na nagsilakip kay David sa katibayan sa
ilang, ang mga makapangyarihang lalaking may tapang, na
mga lalaking bihasa sa pakikidigma, na makahahawak ng
kalasag at sibat; na ang mga mukha nila ay gaya ng mga
mukha ng mga leon, at sila'y maliliksing gaya ng mga usa sa
mga bundok; 9 Si Eser ang pinuno, si Obadias ang ikalawa,
si Eliab ang ikatlo; 10 Si Mismana ang ikaapat, si Jeremias
ang ikalima; 11 Si Attai ang ikaanim, si Eliel ang ikapito; 12
Si Johanan ang ikawalo, si Elzabad ang ikasiyam; 13 Si
Jeremias ang ikasangpu, si Machbani ang ikalabingisa. 14
Ang mga ito sa mga anak ni Gad ay mga pinunong kawal
ng hukbo; ang pinakamaliit ay katimbang ng isang daan,
at ang pinakamalaki ay ng isang libo. 15 Ang mga ito ang
nagsitawid sa Jordan sa unang buwan, nang apawan ang
lahat niyang mga pangpang; at kanilang pinatakas ang lahat
na sa mga libis, ang sa dakong silanganan, at gayon din ang
sa dakong kalunuran. 16 At nagsiparoon ang ilan sa mga
anak ni Benjamin at ni Juda sa katibayan kay David. 17 At si
David ay lumabas na sinalubong sila, at sumagot at nagsabi
sa kanila, Kung kayo'y nagsisiparitong payapa sa akin upang
tulungan ako, ang aking puso ay malalakip sa inyo: nguni't
kung upang pagliluhan ako sa aking mga kaaway, dangang
walang kasamaan sa aking mga kamay, masdan ng Dios ng
ating mga magulang, at sawayin. 18 Nang magkagayo'y
ang Espiritu ay dumating kay Amasai, na siyang pinuno ng
tatlongpu, at sinabi niya, Iyo kami, David, at para sa iyo,
ikaw anak ni Isai: kapayapaan, kapayapaan ang sumaiyo,
at kapayapaan ang sumaiyong mga katulong; sapagka't
tinutulungan ka ng iyong Dios. Nang magkagayo'y tinanggap
ni David sila, at ginawa silang mga pinunong kawal ng
pulutong. 19 Sa Manases naman ay nagsihilig ang ilan kay
David, nang siya'y pumaroong kasama ng mga Filisteo laban
kay Saul upang bumaka: nguni't hindi nila tinulungan sila:
sapagka't pinapagpaalam siya ng mga panginoon ng mga
Filisteo sa payo na sinasabi, Siya'y mahihilig sa kaniyang
panginoong kay Saul sa pamumuhunan ng ating mga ulo. 20
Sa pagparoon niya sa Siclag, ay nagsihilig sa kaniya mula sa
Manases, si Adnas, at si Jozabad, at si Jediaiel, at si Michael,
at si Jozabad at si Eliu, at si Sillethai, na mga pinunong
kawal ng mga libibuhin na nasa Manases. 21 At kanilang
tinulungan si David laban sa pulutong ng mga magnanakaw:
sapagka't silang lahat ay mga makapangyarihang lalake na
may tapang, at mga pinunong kawal sa hukbo. 22 Sapagka't
araw-araw ay may naparoon kay David upang tumulong
sa kaniya, hanggang sa naging malaking hukbo, na gaya
ng hukbo ng Dios. 23 At ito ang bilang ng mga ulo nila na
mga may sandata na handa sa pakikidigma, na nagsiparoon
kay David sa Hebron, upang ibalik ang kaharian ni Saul sa
kaniya, ayon sa salita ng Panginoon. 24 Ang mga anak ni
Juda na nagsisihawak ng kalasag at sibat ay anim na libo
at walong daan, na may mga sandata sa pakikipagdigma.
25 Sa mga anak ni Simeon, na mga makapangyarihang
lalake na may tapang na handa sa pakikipagdigma, pitong
libo at isang daan. 26 Sa mga anak ni Levi ay apat na libo
at anim na raan. 27 At si Joiada ang tagapamatnugot ng
sangbahayan ni Aaron, at kasama niya'y tatlong libo at pitong
daan; 28 At si Sadoc, na isang binatang makapangyarihan
na may tapang, at sa sangbahayan ng kaniyang magulang
ay dalawang pu at dalawang pinunong kawal. 29 At sa mga
anak ni Benjamin, na mga kapatid ni Saul, tatlong libo:
sapagka't ang kalakhang bahagi sa kanila ay nagsisipagingat
ng kanilang pakikipagkasundo sa sangbahayan ni Saul. 30
At sa mga anak ni Ephraim, dalawang pung libo at walong
daan, na mga makapangyarihang lalaking may tapang,
mga bantog na lalake sa mga sangbahayan ng kanilang
mga magulang. 31 At sa kalahating lipi ng Manases ay
labing walong libo, na mga nasaysay sa pamamagitan ng
pangalan, upang magsiparoon at gawing hari si David. 32 At
sa mga anak ni Issachar, na mga lalaking maalam ng mga
panahon, upang matalastas kung ano ang marapat gawin ng

Israel; ang mga pinuno sa kanila ay dalawang daan; at ang
lahat nilang kapatid ay nasa kanilang utos. **33** Sa Zabulon,
yaong mga makalalabas sa hukbo, na makahahanay sa
pagbabaka na may sarisaring kasangkapang pangdigma, ay
limangpung libo; at makapagaayos sa hanay sa pagbabaka,
at hindi nagaalinlangan ang loob. **34** At sa Nephtali ay isang
libong pinunong kawal, at may kasama silang mga may
kalasag at sibat na tatlong pu't pitong libo. **35** At sa mga
Danita na makahahanay sa pagbabaka ay dalawangpu't
walong libo at anim na raan. **36** At sa Aser, yaong mga
makalalabas sa hukbo, na makahahanay sa pagbabaka,
apat na pung libo. **37** At sa kabilang dako ng Jordan, sa
mga Rubenita, at sa mga Gadita, at sa kalahating lipi ni
Manases, na may sarisaring kasangkapang pangdigma sa
pakikipagbaka, isang daan at dalawangpung libo. **38** Lahat
ng mga ito na mga lalaking mangdidigma na makahahanay
sa pagbabaka, ay nagsiparoong may sakdal na puso sa
Hebron, upang gawing hari si David sa buong Israel: at ang
lahat na nangalabi sa Israel ay nagkaisang loob din naman
upang gawing hari si David. **39** At sila'y dumoong kasama
ni David na tatlong araw, na kumain at uminom: sapagka't
ipinaghanda sila ng kanilang mga kapatid. **40** Bukod dito'y
silang malapit sa kaniya, sa makatuwid baga'y hanggang sa
Issachar, at Zabulon at Nephtali, ay nagsipagdala ng tinapay
na nasa ibabaw ng mga asno, at ng mga kamelyo, at ng mga
mula, at ng mga baka, mga pagkaing harina, at mga binilong
igos, at mga buwig ng pasas, at alak, at langis, at mga baka,
at mga tupa na sagana: sapagka't may kagalakan sa Israel.

**13** At sumangguni si David sa mga pinunong kawal ng mga
lilibuhin, at mga dadaanin, sa bawa't tagapamatnugot.
**2** At sinabi ni David sa buong kapisanan ng Israel, Kung
inaakala ninyong mabuti, at kung sa Panginoon nating Dios,
ay pasuguan natin sa bawa't dako ang ating mga kapatid na
nangaiwan sa buong lupain ng Israel, na makasama nila
ang mga saserdote at mga Levita sa kanilang mga bayan
na may mga nayon, upang sila'y mapapisan sa atin; **3** At
ating dalhin uli ang kaban ng ating Dios sa atin: sapagka't
hindi natin hinanap ng mga kaarawan ni Saul. **4** At ang
buong kapulungan ay nagsabi na kanilang gagawing gayon:
sapagka't ang bagay ay matuwid sa harap ng mga mata ng
buong bayan. **5** Sa gayo'y pinisan ni David ang buong Israel,
mula sa Sihor, na batis ng Egipto hanggang sa pasukan sa
Hamath, upang dalhin ang kaban ng Dios mula sa Chiriath-
jearim. **6** At si David ay umahon, at ang buong Israel sa
Baala, sa makatuwid baga'y sa Chiriath-jearim, na nauukol
sa Juda, upang iahon mula roon ang kaban ng Dios, ng
Panginoon na nauupo sa mga querubin, na tinatawag ayon
sa Pangalan. **7** At kanilang dinala ang kaban ng Dios na
nakasakay sa isang bagong karo, at inilabas sa bahay ni
Abinadab: at pinalakad ni Uzza at ni Ahio ang karo. **8** At si
David at ang buong Israel ay tumugtog sa harap ng Dios ng
kanilang buong lakas: sa pamamagitan ng mga awit, at ng
mga alpa, at ng mga salterio, at ng mga pandereta at ng
mga simbalo, at ng mga pakakak. **9** At nang sila'y dumating
sa giikan ng Chidon, ay iniunat ni Uzza ang kaniyang kamay
upang hawakan ang kaban; sapagka't ang mga baka ay
natisod. **10** At ang galit ng Panginoon ay nagalab laban kay
Uzza, at sinaktan niya siya, sapagka't kaniyang iniunat ang
kaniyang kamay sa kaban; at doo'y namatay siya sa harap
ng Dios. **11** At sumama ang loob ni David, sapagka't nagalit
ang Panginoon kay Uzza: at kaniyang tinawag ang dakong
yaon na Perez-uzza hanggang sa araw na ito. **12** At si
David ay natakot sa Dios nang araw na yaon, na nagsasabi,
Paanong aking iuuwi ang kaban ng Dios? **13** Sa gayo'y
hindi inilipat ni David ang kaban sa kaniya sa bayan ni
David, kundi nilihisan ang daan at dinala sa bahay ni Obed-
edom na Getheo. **14** At ang kaban ng Dios ay naiwan sa
sangbahayan ni Obed-edom sa kaniyang bahay na tatlong
buwan: at pinagpala ng Panginoon ang sangbahayan ni
Obed-edom, at ang buo niyang tinatangkilik.

**14** At si Hiram na hari sa Tiro ay nagsugo ng mga sugo
kay David, at nagpadala ng mga puno ng sedro, at
mga mananabas ng bato, at mga anluwagi, upang ipagtayo
siya ng bahay. **2** At nahalata ni David na itinatag siyang hari
ng Panginoon sa Israel; sapagka't ang kaniyang kaharian ay
itinaas ng mataas, dahil sa kaniyang bayang Israel. **3** At si
David ay kumuha pa ng mga asawa sa Jerusalem: at si
David ay nagkaanak pa ng mga lalake at mga babae. **4** At ito
ang mga pangalan ng mga naging anak niya sa Jerusalem:
si Smua, at si Sobab, si Nathan, at si Salomon. **5** At si Ibhar,
at si Elisua, at si Elphelet; **6** At si Noga, at si Nepheg, at si
Japhias; **7** At si Elisama, at si Beeliada, at si Eliphelet. **8** At
nang mabalitaan ng mga Filisteo na si David ay pinahiran ng
langis na maging hari sa buong Israel, ay nagsiahon ang
lahat ng Filisteo upang hanapin si David: at nabalitaan ni
David, at nilabas sila. **9** Ang mga Filisteo nga ay nagsidating
at nanganamsam sa libis ng Raphaim. **10** At si David ay
sumangguni sa Dios, na nagsasabi, Aahon ba ako laban sa
mga Filisteo? at iyo bang ibibigay sila sa aking kamay? At
sinabi ng Panginoon sa kaniya, Umahon ka: sapagka't aking
ibibigay sila sa iyong kamay. **11** Sa gayo'y nagsiahon sila sa
Baal-perasim, at sinaktan sila ni David doon; at sinabi ni
David, Nilansag ng Dios ang aking mga kaaway na gaya
ng baha ng tubig. Kaya't kanilang tinawag ang pangalan
ng dakong yaon na Baal-perasim. **12** At kanilang iniwan
doon ang kanilang mga dios; at nagutos si David, at sinunog
sa apoy ang mga yaon. **13** At nanganamsam pa uli ang
mga Filisteo sa libis. **14** At si David ay sumangguni uli sa

Dios; at sinabi ng Dios sa kaniya, Huwag kang aahong
kasunod nila; lihisan mo sila, at pumaroon ka sa kanila sa
tapat ng mga puno ng morales. 15 At mangyayari, na pagka
iyong narinig ang hugong ng lakad sa mga dulo ng mga
puno ng morales, na ikaw nga ay lalabas sa pakikipagbaka:
sapagka't ang Dios ay yumaon sa unahan mo upang saktan
ang hukbo ng mga Filisteo. 16 At ginawa ni David kung ano
ang iniutos sa kaniya ng Dios: at kanilang sinaktan ang
hukbo ng mga Filisteo mula sa Gabaon hanggang sa Gezer.
17 At ang kabantugan ni David ay lumaganap sa lahat ng
lupain; at sinidlan ng Panginoon ng takot sa kaniya ang lahat
na bansa.

**15** At gumawa si David ng mga bahay sa bayan ni David;
at ipinaghanda niya ng isang dako ang kaban ng Dios,
at ipinaglagay roon ng isang tolda. 2 Nang magkagayo'y
sinabi ni David, Walang makapagdadala ng kaban ng Dios
kundi ang mga Levita: sapagka't sila ang pinili ng Panginoon
upang magsipagdala ng kaban ng Dios, at upang mangasiwa
sa kaniya magpakailan man. 3 At pinisan ni David ang buong
Israel sa Jerusalem, upang iahon ang kaban ng Panginoon
sa dakong pinaghandaan. 4 At pinisan ni David ang mga
anak ni Aaron, at ang mga Levita: 5 Sa mga anak ni Coath:
si Uriel na pinuno, at ang kaniyang mga kapatid, isang daan
at dalawangpu; 6 Sa mga anak ni Merari: si Asaias na
pinuno, at ang kaniyang mga kapatid, dalawang daan at
dalawangpu; 7 Sa mga anak ni Gersom: si Joel na pinuno,
at ang kaniyang mga kapatid, isang daan at tatlongpu; 8
Sa mga anak ni Elisaphan: si Semeias na pinuno, at ang
kaniyang mga kapatid, dalawang daan: 9 Sa mga anak ni
Hebron: si Eliel na pinuno, at ang kaniyang mga kapatid,
walongpu; 10 Sa mga anak ni Uzziel: si Aminadab na
pinuno, at ang kaniyang mga kapatid, isang daan at labing
dalawa. 11 At ipinatawag ni David si Sadoc at si Abiathar
na mga saserdote, at ang mga Levita, si Uriel, si Asaias,
at si Joel, si Semeias, at si Eliel, at si Aminadab, 12 At
sinabi sa kanila, Kayo ang mga pinuno sa mga sangbahayan
ng mga magulang ng mga Levita: magpakabanal kayo, at
gayon din ang inyong mga kapatid, upang inyong maiahon
ang kaban ng Panginoon, ng Dios ng Israel, hanggang sa
dakong aking pinaghandaan. 13 Sapagka't dahil sa hindi
ninyo dinala nang una, ang Panginoon nating Dios ay nagalit
sa atin, sapagka't hindi natin hinanap siya ayon sa utos.
14 Sa gayo'y ang mga saserdote at ang mga Levita ay
nagpakabanal, upang iahon ang kaban ng Panginoon, ng
Dios ng Israel. 15 At pinisan ng mga anak ng mga Levita ang
kaban ng Dios sa kanilang mga balikat sa pamamagitan ng
mga pingga niyaon, gaya ng iniutos ni Moises ayon sa salita
ng Panginoon. 16 At si David ay nagsalita sa pinuno ng mga
Levita, na ihalal ang kanilang mga kapatid na mangaawit,
na may mga panugtog ng tugtugin, mga salterio, at mga
alpa, at mga simbalo, upang magsitugtog ng malakas, at
maglakas ng tinig na may kagalakan. 17 Sa gayo'y inihalal
ng mga Levita si Heman na anak ni Joel; at sa kaniyang
mga kapatid ay si Asaph na anak ni Berechias; at sa mga
anak ni Merari na kanilang mga kapatid ay si Ethan na anak
ni Cusaias; 18 At kasama nila, ang kanilang mga kapatid
sa ikalawang hanay, si Zacharias, si Ben, at si Jaaziel,
at si Semiramoth, at si Jehiel, at si Unni, si Eliab, at si
Benaias, at si Maasias, at si Mathithias, at si Eliphelehu, at
si Micnias, at si Obed-edom, at si Jehiel, na mga tagatanod-
pinto. 19 Sa gayo'y ang mga mangaawit, si Heman, si
Asaph, at si Ethan, ay nangahalal na may mga simbalong
tanso upang patunuging malakas; 20 At si Zacharias, at
si Jaaziel, at si Semiramoth, at si Jehiel, at si Unni, at si
Eliab, at si Maasias, at si Benaias, na may mga salterio na
itinugma sa Alamoth; 21 At si Mathithias, at si Eliphelehu,
at si Micnias, at si Obed-edom, at si Jehiel, at si Azazias,
na may mga alpa na itinugma sa Seminit, upang magayos
sa pagawit. 22 At si Chenanias, na pinuno ng mga Levita,
nasa pamamahala sa awitan: siya ang nagtuturo tungkol sa
pagawit, sapagka't siya'y bihasa. 23 At si Berechias, at si
Elcana ay mga tagatanod sa kaban. 24 At si Sebanias, at si
Josaphat, at si Nathanael, at si Amasai, at si Zacharias, at
si Benaias at si Eliezer na mga saserdote, ay nagsihihip
ng mga pakakak sa harap ng Dios: at si Obed-edom, at si
Jehias ay mga tagatanod sa kaban. 25 Sa gayo'y si David,
at ang mga matanda sa Israel, at ang mga punong kawal sa
mga lilibuhin, ay nagsiyaon upang iahong may sayahan ang
kaban ng tipan ng Panginoon mula sa bahay ni Obed-edom:
26 At nangyari, na pagka tinulungan ng Dios ang mga Levita
na nangagdadala ng kaban ng tipan ng Panginoon, na sila'y
naghahain ng pitong baka at pitong tupa. 27 At si David
ay nababalot ng isang balabal na mainam na kayong lino,
at ang lahat na Levita na nagsisipasan ng kaban, at ang
mga mangaawit, at si Chenanias na tagapagturo ng awit na
kasama ng mga mangaawit: at si David ay mayroong isang
epod na lino. 28 Gayon iniahon ng buong Israel ang kaban
ng tipan ng Panginoon na may mga hiyawan, at may mga
tunog ng korneta, at mga pakakak, at may mga simbalo, na
tumutunog ng malakas na may mga salterio at mga alpa. 29
At nangyari, samantalang ang kaban ng tipan ng Panginoon
ay dumarating sa bayan ni David, na si Michal na anak ni
Saul ay tumanaw sa dungawan, at nakita niya ang haring
David na sumasayaw at tumutugtog; at kaniyang niwalang
kabuluhan siya sa kaniyang puso.

**16** At kanilang ipinasok ang kaban ng Dios, at inilagay
sa gitna ng tolda na itinayo ni David para roon: at
sila'y nagsipaghandog ng mga handog na susunugin, at

mga handog tungkol sa kapayapaan sa harap ng Dios. 2 At
nang si David ay makatapos na maghandog ng handog na
susunugin at ng mga handog tungkol sa kapayapaan, ay
kaniyang binasbasan ang bayan sa pangalan ng Panginoon.
3 At siya'y nagbigay sa bawa't isa sa Israel, sa lalake at
gayon din sa babae, sa bawa't isa ng isang tinapay, at ng
isang bahaging laman, at isang binilong pasas. 4 At siya'y
naghalal ng ilan sa mga Levita upang magsipangasiwa sa
harap ng kaban ng Panginoon, at upang magsipagdiwang at
mangagpasalamat, at mangagpuri sa Panginoon, sa Dios
ng Israel: 5 Si Asaph ang pinuno, at ang ikalawa niya'y si
Zacharias, si Jeiel, at si Semiramoth, at si Jehiel, at si Eliab,
at si Benaias, at si Obed-edom, at si Jeiel, na may mga
salterio at mga alpa; at si Asaph na may mga simbalo, na
tumutunog ng malakas; 6 At si Benaias at si Jahaziel na mga
saserdote na mga may pakakak na palagi, sa harap ng kaban
ng tipan ng Dios. 7 Nang magkagayo'y nang araw na yao'y
unang iniutos ni David ang magpasalamat sa Panginoon,
sa pamamagitan ng kamay ni Asaph at ng kaniyang mga
kapatid. 8 Oh kayo'y mangagpasalamat sa Panginoon,
magsitawag kayo sa kaniyang pangalan; Ipakilala ninyo sa
mga bayan ang kaniyang mga gawa. 9 Magsiawit kayo sa
kaniya, magsiawit kayo ng mga pagpuri sa kaniya; Salitain
ninyo ang lahat niyang mga kamanghamanghang gawa. 10
Mangagpakaluwalhati kayo sa kaniyang banal na pangalan:
Mangagalak ang puso niyaong nagsisihanap sa Panginoon.
11 Hanapin ninyo ang Panginoon at ang kaniyang lakas;
Hanapin ninyo ang kaniyang mukha na palagi. 12 Alalahanin
ninyo ang kaniyang kamanghamanghang mga gawa na
kaniyang ginawa; Ang kaniyang mga kababalaghan, at ang
mga kahatulan ng kaniyang bibig; 13 Oh kayong binhi ng
Israel na kaniyang lingkod, Kayong mga anak ni Jacob
na kaniyang pinili. 14 Siya ang Panginoon nating Dios;
Ang kaniyang mga kahatulan ay nasa sangkalupaan. 15
Alalahanin ninyo ang kaniyang tipan magpakailan man,
Ang salita na kaniyang iniutos sa libolibong sali't saling
lahi; 16 Ang tipan na kaniyang ginawa kay Abraham, At ang
kaniyang sumpa kay Isaac: 17 At pinatotohanan din kay
Jacob na pinaka palatuntunan, Kay Israel na pinaka walang
hanggang tipan: 18 Na sinasabi, Sa iyo'y ibibigay ko ang
lupain ng Canaan, Ang kapalaran ng inyong mana: 19 Noong
kayo'y kakaunting tao sa bilang; Oo, totoong kaunti, at
nangakikipamayan doon; 20 At sila'y nagsiyaon sa bansa at
bansa, At mula sa isang kaharian hanggang sa ibang bayan.
21 Hindi niya tiniis na gawan sila nino man ng kasamaan;
Oo, kaniyang sinaway ang mga hari dahil sa kanila; 22 Na
sinasabi, Huwag ninyong galawin ang aking mga pinahiran
ng langis, At huwag ninyong saktan ang aking mga propeta.
23 Kayo'y magsiawit sa Panginoon, buong lupa, Ihayag
ninyo ang kaniyang pagliligtas sa araw-araw. 24 Ipahayag
ninyo ang kaniyang kaluwalhatian sa gitna ng mga bansa,
Ang kaniyang mga kamanghamanghang gawa sa gitna ng
lahat ng mga bayan. 25 Sapagka't dakila ang Panginoon, at
marapat na purihing mainam: Siya rin nama'y marapat na
katakutan ng higit sa lahat na dios. 26 Sapagka't lahat ng
dios ng mga bayan ay mga diosdiosan: Nguni't nilikha ng
Panginoon ang mga langit. 27 Karangalan at kamahalan ang
nangasa harap niya: Kalakasan at kasayahan ang nangasa
kaniyang tahanan. 28 Mangagbigay kayo sa Panginoon,
kayong mga angkan ng mga bayan, Mangagbigay kayo sa
Panginoon ng kaluwalhatian at ng kalakasan. 29 Inyong
ibigay sa Panginoon ang kaluwalhatiang marapat sa kaniyang
pangalan: Mangagdala kayo ng handog, at magsiparoon
kayo sa harap niya: Inyong sambahin ang Panginoon sa
ganda ng kabanalan. 30 Manginig sa harap niya ang buong
lupa: Ang sanglibutan nama'y natatatag na hindi makikilos.
31 Mangagsaya ang mga langit, at magalak ang lupa; At
sabihin nila sa gitna ng mga bansa, Ang Panginoon ay
naghahari. 32 Umugong ang dagat at ang kapunuan niyaon;
Matuwa ang parang at ang lahat na nandoon; 33 Kung
magkagayo'y aawit ang mga puno ng kahoy sa gubat dahil
sa kagalakan sa harap ng Panginoon, Sapagka't siya'y
naparirito upang hatulan ang lupa. 34 Oh mangagpasalamat
kayo sa Panginoon; sapagka't siya'y mabuti: Sapagka't ang
kaniyang kaawaan ay magpakailan man. 35 At sabihin ninyo,
Iligtas mo kami, Oh Dios ng aming kaligtasan, At pisanin
mo kami, at iligtas mo kami sa mga bansa, Upang kami ay
pasalamat sa iyong banal na pangalan, At magtagumpay
sa iyong kapurihan. 36 Purihin ang Panginoon, ang Dios
ng Israel, Mula sa walang pasimula hanggang sa walang
hanggan. At sinabi ng buong bayan, Siya nawa: at pinuri
ang Panginoon. 37 Sa gayo'y iniwan niya roon sa harap ng
kaban ng tipan ng Panginoon, si Asaph at ang kaniyang
mga kapatid upang magsipangasiwang palagi sa harap ng
kaban, gaya ng kinakailangan ng gawain sa araw-araw: 38
At si Obed-edom pati ng kanilang mga kapatid, ay anim na
pu't walo; si Obed-edom din na anak ni Jeduthun at si Asa
ay upang maging mga tagatanod-pinto: 39 At si Sadoc na
saserdote, at ang kaniyang mga kapatid na mga saserdote,
sa harap ng tabernakulo ng Panginoon sa mataas na dako
na nasa Gabaon, 40 Upang maghandog na palagi ng mga
handog na susunugin sa Panginoon sa ibabaw ng dambana
ng handog na susunugin sa umaga at hapon, ayon sa lahat
na nangasusulat sa kautusan ng Panginoon na kaniyang
iniutos sa Israel; 41 At kasama nila si Heman at si Jeduthun,
at ang nalabi sa mga pinili, na nangasaysay sa pangalan
upang pasalamat sa Panginoon, sapagka't ang kaniyang
kaawaan ay magpakailan man; 42 At kasama nila si Heman

at si Jeduthun na may mga pakakak at mga simbalo sa
mangagpapatunog ng malakas, at mga may panugtog sa
mga awit sa Dios: at ang mga anak ni Jeduthun upang
mangalagay sa pintuang-daan. **43** At ang buong bayan ay
nagsiuwi bawa't tao sa kanikaniyang bahay: at si David ay
bumalik upang basbasan ang kaniyang sangbahayan.

**17** At nangyari, nang si David ay tumahan sa kaniyang
bahay, na sinabi ni David kay Nathan na propeta,
Narito, ako'y tumatahan sa isang bahay na sedro, nguni't ang
kaban ng tipan ng Panginoon ay sa ilalim ng mga kubong.
**2** At sinabi ni Nathan kay David, Gawin mo ang buong
nasa iyong kalooban; sapagka't ang Dios ay sumasaiyo. **3**
At nangyari, nang gabing yaon, na ang salita ng Dios ay
dumating kay Nathan na sinasabi, **4** Ikaw ay yumaon at
saysayin mo kay David na aking lingkod, Ganito ang sabi
ng Panginoon, Huwag mo akong ipagtatayo ng bahay na
matatahanan: **5** Sapagka't hindi ako tumahan sa bahay mula
nang araw na aking iahon ang Israel, hanggang sa araw na
ito; kundi ako'y yumaon sa tolda at tolda, at sa tabernakulo,
at tabernakulo. **6** Sa lahat ng mga dako na aking nilakaran
na kasama ang buong Israel, ako ba'y nagsalita ng isang
salita sa sinoman sa mga hukom ng Israel, na siyang aking
inutusang maging pastor sa aking bayan, na nagsasabi, Bakit
hindi ninyo ako ipinagtayo ng bahay na sedro? **7** Ngayon
nga'y ganito ang iyong sasabihin sa aking lingkod na kay
David. Ganito ang sabi ng Panginoon ng mga hukbo, Kita'y
kinuha sa pasabsaban, sa pagsunod sa mga tupa upang
ikaw ay maging pangulo sa aking bayang Israel: **8** At ako'y
sumaiyo saan ka man naparoon, at aking inihiwalay ang
lahat na iyong mga kaaway sa harap mo; at gagawin kitang
isang pangalan, na gaya ng pangalan ng mga dakila na
nangasa lupa. **9** At aking ipagtataan ng isang dako ang aking
bayang Israel, at itatatag sila, upang sila'y mangakatahan
sa kanilang sariling dako, at huwag nang mabago pa; ni
sisirain pa man sila ng mga anak ng kasamaan, na gaya ng
una, **10** At gaya ng araw na maghalal ako ng mga hukom
upang malagay sa aking bayang Israel; at aking pasusukuin
ang lahat mong mga kaaway. Bukod dito'y isinaysay ko sa
iyo na ipagtatayo ka ng Panginoon ng isang bahay. **11** At
mangyayari, pagka ang iyong mga araw ay nalubos na ikaw
ay marapat yumaon na makasama ng iyong mga magulang,
na aking patatatagin ang iyong binhi pagkamatay mo, na
magiging sa iyong mga anak; at aking itatatag ang kaniyang
kaharian. **12** Kaniyang ipagtatayo ako ng isang bahay, at
aking itatatag ang kaniyang luklukan magpakailan man. **13**
Ako'y magiging kaniyang ama, at siya'y magiging aking
anak: at hindi ko na aalisin ang aking kaawaan sa kaniya,
gaya ng aking pagkakuha roon sa nauna sa iyo: **14** Kundi
siya'y aking ilalagay sa aking bahay at sa aking kaharian
magpakailan man: at ang kaniyang luklukan ay matatatag
magpakailan man. **15** Ayon sa lahat na salitang ito, at ayon
sa buong pangitaing ito, ay gayon sinalita ni Nathan kay
David. **16** Nang magkagayo'y yumaon ang haring David at
naupo sa harap ng Panginoon; at kaniyang sinabi, Sino
ako, Oh Panginoong Dios, at ano ang aking bahay na ako'y
dinala mo sa ganyang kalayo? **17** At ito'y munting bagay sa
harap ng iyong mga mata, Oh Dios; nguni't iyong sinalita
tungkol sa sangbahayan ng iyong lingkod ang hanggang sa
malaong panahong darating, at ako'y iyong nilingap na ayon
sa kalagayan ng isang tao na may mataas na kalagayan,
Oh Panginoong Dios. **18** Ano pa ang masasabi ni David
sa iyo, tungkol sa karangalang ginawa sa iyong lingkod?
sapagka't iyong kilala ang iyong lingkod. **19** Oh Panginoon,
dahil sa iyong lingkod, at ayon sa iyong sariling puso, ay
iyong ginawa ang buong kadakilaang ito, upang ipakilala ang
lahat na dakilang bagay na ito. **20** Oh Panginoon, walang
gaya mo, ni mayroon mang sinomang Dios liban sa iyo,
ayon sa lahat naming narinig ng aming mga pakinig. **21**
At anong bansa sa lupa ang gaya ng iyong bayang Israel,
na tinubos ng Dios upang maging kaniyang sariling bayan,
upang gawin kang pangalan sa pamamagitan ng malaki at
kakilakilabot na mga bagay, sa pagpapalayas ng mga bansa
sa harap ng iyong bayan, na iyong tinubos sa Egipto? **22**
Sapagka't ang iyong bayang Israel ay iyong ginawang iyong
sariling bayan magpakailan man; at ikaw, Panginoon, ay
naging kanilang Dios. **23** At ngayon, Oh Panginoon, matatag
nawa ang salita na iyong sinalita tungkol sa iyong lingkod,
at tungkol sa kaniyang sangbahayan magpakailan man, at
gawin mo nawa na gaya ng iyong sinalita. **24** At ang iyong
pangalan ay mamalagi nawa, at dakilain magpakailan man,
na sabihin, Ang Panginoon ng mga hukbo ay Dios ng Israel,
sa makatuwid baga'y Dios sa Israel: at ang sangbahayan ni
David na iyong lingkod ay natatag sa harap mo. **25** Sapagka't
ikaw, Oh aking Dios, napakilala sa iyong lingkod na iyong
ipagtatayo siya ng bahay: kaya't pinangahasan ng iyong
lingkod sa kaniyang puso na dumalangin sa harap mo. **26** At
ngayon, Oh Panginoon, ikaw ang Dios, at iyong ipinangako
ang dakilang bagay na ito sa iyong lingkod: **27** At ngayo'y
kinalugdan mong pagpalain ang sangbahayan ng iyong
lingkod, upang mamalagi magpakailan man sa harap mo:
sapagka't iyong pinagpala, Oh Panginoon, at yao'y magiging
mapalad magpakailan man.

**18** At pagkatapos nito'y nangyari na sinaktan ni David ang
mga Filisteo, at pinasuko sila, at sinakop ang Gath,
at ang mga nayon niyaon sa kamay ng mga Filisteo. **2** At
sinaktan niya ang Moab; at ang mga Moabita ay naging alipin
ni David, at nagsipagdala ng mga kaloob. **3** At sinaktan ni
David sa Hamath si Adarezer na hari sa Soba samantalang

kaniyang itinatatag ang kaniyang kapangyarihan sa tabi ng
ilog Eufrates. 4 At kumuha si David sa kaniya ng isang libong
karo, at pitong libong mangangabayo, at dalawangpung
libong naglalakad: at pinilayan ni David ang lahat ng mga
kabayo ng mga karo, nguni't nagtira sa mga yaon ng sa
isang daang karo. 5 At nang ang mga taga Siria sa Damasco
ay magsiparoon upang magsisaklolo kay Adarezer na hari sa
Soba, sumakit si David sa mga taga Siria ng dalawangpu't
dalawang libong lalake. 6 Nang magkagayo'y naglagay si
David ng mga pulutong sa Siria ng Damasco; at ang mga
taga Siria ay naging mga alipin ni David, at nagsipagdala ng
mga kaloob. At binigyan ng Panginoon ng pagtatagumpay si
David saan man siya naparoon. 7 At kinuha ni David ang
mga kalasag na ginto, na nangasa mga lingkod ni Adarezer,
at pinagdadala sa Jerusalem. 8 At mula sa Thibath at mula
sa Chun, na mga bayan ni Adarezer; ay kumuha si David ng
totoong maraming tanso, na siyang ginawa ni Salomon na
dagatdagatan na tanso, at mga haligi, at mga kasangkapang
tanso. 9 At nang mabalitaan ni Tou na hari sa Hamath na
sinaktan ni David ang buong hukbo ni Adarezer na hari sa
Soba, 10 Kaniyang sinugo si Adoram na kaniyang anak
sa haring David, upang bumati sa kaniya, at purihin siya,
sapagka't siya'y lumaban kay Adarezer at sinaktan niya siya
(sapagka't si Adarezer ay may mga pakikipagdigma kay
Tou); at siya'y nagdala ng lahat na sarisaring kasangkapang
ginto, at pilak, at tanso. 11 Ang mga ito naman ay itinalaga
ng haring David sa Panginoon, pati ng pilak at ginto na
kaniyang kinuha sa lahat na bansa; na mula sa Edom, at
mula sa Moab, at mula sa mga anak ni Ammon, at mula sa
mga Filisteo, at mula sa Amalec. 12 Bukod dito'y si Abisai na
anak ni Sarvia ay sumakit sa mga Idumeo sa Libis ng Asin,
ng labingwalong libo. 13 At naglagay siya ng mga pulutong
sa Edom; at lahat ng mga Idumeo ay naging mga alipin
ni David. At binigyan ng pagtatagumpay ng Panginoon si
David saan man siya naparoon. 14 At si David ay naghari sa
buong Israel; at siya'y gumawa ng kahatulan at ng katuwiran
sa buong bayan niya. 15 At si Joab na anak ni Sarvia ay
nasa pamamahala sa hukbo; at si Josaphat na anak ni
Ahilud ay kasangguni. 16 At si Sadoc na anak ni Achitob, at
si Abimelec na anak ni Abiathar, ay mga saserdote; at si
Sausa ay kalihim; 17 At si Benaias na anak ni Joiada ay
nasa pamamahala sa mga Ceretheo at sa mga Peletheo; at
ang mga anak ni David ay mga pinuno sa siping ng hari.

**19** At nangyari, pagkatapos nito, na si Naas na hari ng
mga anak ni Ammon ay namatay, at ang kaniyang
anak ay naghari na kahalili niya. 2 At sinabi ni David, Ako'y
magpapakita ng kagandahang loob kay Hanan na anak
ni Naas, sapagka't ang kaniyang ama ay nagpakita ng
kagandahang loob sa akin. Sa gayo'y nagsugo si David ng
mga sugo upang aliwin siya tungkol sa kaniyang ama. At ang
mga lingkod ni David ay naparoon sa lupain ng mga anak ni
Ammon kay Hanan, upang aliwin siya. 3 Nguni't sinabi ng
mga prinsipe ng mga anak ni Ammon kay Hanan: Inaakala
mo bang pinararangalan ni David ang iyong ama, na siya'y
nagsugo ng mga mangaaliw sa iyo? hindi ba ang kaniyang
mga lingkod ay nagsiparito sa iyo upang kilalanin, at upang
gibain, at upang tiktikan ang lupain? 4 Sa gayo'y sinunggaban
ni Hanan ang mga lingkod ni David, at inahitan, at pinutol
ang kanilang mga suot sa gitna hanggang sa kanilang pigi, at
sila'y pinayaon. 5 Nang magkagayo'y may nagsiparoong ilan
at nagsipagsaysay kay David kung paanong dinuwahagi ang
mga lalake. At kaniyang sinugong salubungin sila; sapagka't
ang mga lalake ay nangapahiyang mainam. At sinabi ng
hari, Kayo'y magsipaghintay sa Jerico hanggang sa ang
inyong balbas ay tumubo, at kung magkagayo'y magsibalik
kayo. 6 At nang makita ng mga anak ni Ammon na sila'y
naging nakapopoot kay David, si Hanan at ang mga anak
ni Ammon ay nagpadala ng isang libong talentong pilak,
upang mangupahan sila ng mga karo at mga mangangabayo
na mula sa Mesopotamia, at mula sa Aram-maacha, at
mula sa Soba. 7 Sa gayo'y nangupahan sila ng tatlongpu't
dalawang libong karo, at sa hari sa Maacha at sa kaniyang
bayan; na siyang pumaroon at humantong sa harap ng
Medeba. At ang mga anak ni Ammon ay nagpipisan mula sa
kanilang mga bayan, at nagsiparoon upang makipagbaka. 8
At nang mabalitaan ni David, ay kaniyang sinugo si Joab at
ang buong hukbo ng makapangyarihang mga lalake. 9 At
ang mga anak ni Ammon, ay nagsilabas, at nagsihanay ng
pakikipagbaka sa pintuan ng bayan: at ang mga hari na
nagsiparoon ay nangagisa sa parang. 10 Nang makita nga
ni Joab na ang pagbabaka ay nahahanay laban sa kaniya
sa harapan at sa likuran, pinili niya yaong mga piling lalake
ng Israel, at inihanay laban sa mga taga Siria. 11 At ang
nalabi sa bayan ay kaniyang ipinamahala sa kapangyarihan
ng kaniyang kapatid na si Abisai, at sila'y nagsihanay laban
sa mga anak ni Ammon. 12 At sinabi niya, Kung ang mga
taga Siria ay manaig sa akin, iyo ngang tutulungan ako:
nguni't kung ang mga anak ni Ammon ay manaig sa iyo, akin
ngang tutulungan ka. 13 Magpakatapang kang mabuti, at
tayo'y magpakalalake para sa ating bayan, at sa mga bayan
ng ating Dios: at gawin ng Panginoon ang inaakala niyang
mabuti. 14 Sa gayo'y si Joab at ang bayan na nasa kaniya
ay nagsilapit sa harap ng mga taga Siria sa pakikipagbaka;
at sila'y nagsitakas sa harap niya. 15 At nang makita ng mga
anak ni Ammon na ang mga taga Siria ay nagsitakas, sila
ma'y nagsitakas sa harap ni Abisai na kaniyang kapatid,
at nagsipasok sa bayan. Nang magkagayo'y si Joab ay
naparoon sa Jerusalem. 16 At nang makita ng mga taga

Siria na sila'y nalagay sa kasamaan sa harap ng Israel, sila'y
nagsipagsugo ng mga sugo, at dinala ang mga taga Siria na
nandoon sa dako roon ng Ilog, na kasama ni Sophach na
punong kawal ng hukbo ni Adarezer sa kanilang unahan. 17
At nasaysay kay David; at kaniyang pinisan ang buong Israel,
at tumawid sa Jordan, at naparoon sa kanila, at humanay
laban sa kanila. Sa gayo'y nang humanay sa pakikipagbaka
si David laban sa mga taga Siria, sila'y nangakipaglaban sa
kaniya. 18 At ang mga taga Siria ay nagsitakas sa harap ng
Israel; at si David ay pumatay sa mga taga Siria ng mga tao
sa pitong libong karo, at apat na pung libong naglalakad, at
pinatay si Sophach na pinunong kawal ng hukbo. 19 At nang
makita ng mga lingkod ni Adarezer na sila'y nangalagay sa
kasamaan sa harap ng Israel, sila'y nakipagpayapaan kay
David, at nangaglingkod sa kaniya: ni hindi na tumulong pa
ang mga taga Siria sa mga anak ni Ammon.

**20** At nangyari sa panahon ng pagpihit ng taon,
sa panahong ang mga hari ay nagsisilabas sa
pakikipagbaka, na pinatnubayan ni Joab ang hukbo, at sinira
ang lupain ng mga anak ni Ammon, at naparoon at kinubkob
ang Rabba. Nguni't si David ay naghintay sa Jerusalem.
At sinaktan ni Joab ang Rabba, at sinira. 2 At kinuha ni
David ang putong ng kanilang hari sa ibabaw ng kaniyang
ulo, at nasumpungang may timbang na isang talentong
ginto, at may mga mahalagang bato roon: at naputong sa
ulo ni David: at kaniyang inilabas ang samsam sa bayan,
na totoong marami. 3 At kaniyang inilabas ang bayan na
nandoon, at pinutol sila ng mga lagari, at ng mga suyod na
bakal, at ng mga palakol. At ganito ang ginawa ni David sa
lahat ng mga bayan ng mga anak ni Ammon. At si David at
ang buong bayan ay bumalik sa Jerusalem. 4 At nangyari,
pagkatapos nito, na nagkaroon ng pagdidigma sa Gezer
laban sa mga Filisteo: nang magkagayo'y pinatay ni Sibbecai
na Husathita si Sippai, sa mga anak ng mga higante; at
sila'y sumuko. 5 At nagkaroon uli ng pakikipagdigma laban
sa mga Filisteo; at pinatay ni Elhanan na anak ni Jair si
Lahmi na kapatid ni Goliath na Getheo, na ang puluhan
ng sibat niya ay gaya ng panghabi ng manghahabi. 6 At
nagkaroon uli ng pagdidigma sa Gath, na doo'y may isang
lalaking may malaking bulas, na ang mga daliri ng kamay at
paa ay dalawangpu't apat, anim sa bawa't kamay at anim sa
bawa't paa; at siya rin nama'y ipinanganak sa higante. 7 At
nang kaniyang hamunin ang Israel, pinatay siya ni Jonathan
na anak ni Sima na kapatid ni David. 8 Ang mga ito ang
ipinanganak sa higante sa Gath, at sila'y nangabuwal sa
pamamagitan ng kamay ni David, at sa pamamagitan ng
kamay ng mga lingkod niya.

**21** At si Satan ay tumayo laban sa Israel, at kinilos si David
na bilangin ang Israel. 2 At sinabi ni David kay Joab, at
sa mga prinsipe ng bayan, Kayo'y magsiyaon, bilangin ninyo
ang Israel mula sa Beer-seba hanggang sa Dan; at dalhan
ninyo ako ng salita; upang aking maalaman ang bilang
nila. 3 At sinabi ni Joab, Gawin nawa ng Panginoon ang
kaniyang bayan na makasandaang higit sa dami nila; nguni't,
panginoon ko na hari, di ba silang lahat ay mga lingkod ng
aking panginoon? bakit kinakailangan ng panginoon ko ang
bagay na ito? bakit siya'y magiging sanhi ng ipagkakasala
ng Israel? 4 Gayon ma'y ang salita ng hari ay nanaig
laban kay Joab. Kaya't si Joab ay yumaon, at naparoon
sa buong Israel, at dumating sa Jerusalem. 5 At ibinigay
ni Joab ang kabuuan ng bilang ng bayan kay David. At
silang lahat na taga Israel ay labing isang daan libo na
nagsisihawak ng tabak: at ang Juda ay apat na raan at
pitongpung libong lalake na nagsisihawak ng tabak. 6 Nguni't
ang Levi at ang Benjamin ay hindi binilang; sapagka't ang
pananalita ng hari ay kahalayhalay kay Joab. 7 At sumama
ang loob ng Dios sa bagay na ito; kaya't kaniyang sinaktan
ang Israel. 8 At sinabi ni David sa Dios, Ako'y nagkasala
ng mabigat sa aking paggawa ng bagay na ito: nguni't
ngayo'y alisin mo, ipinamamanhik ko sa iyo, ang kasamaan
ng iyong lingkod, sapagka't aking ginawang may lubhang
kamangmangan. 9 At ang Panginoon ay nagsalita kay Gad
na tagakita ni David, na sinasabi, 10 Yumaon ka at magsalita
kay David na sasabihin, Ganito ang sabi ng Panginoon,
Pinagpapalagayan kita ng tatlong bagay; pumili ka ng isa
sa mga iyan, upang aking magawa sa iyo. 11 Sa gayo'y
naparoon si Gad kay David, at nagsabi sa kaniya, Ganito
ang sabi ng Panginoon, Piliin mo ang iniibig mo: 12 Tatlong
taong kagutom; o tatlong buwan na pagkalipol sa harap ng
iyong mga kaaway, samantalang ang tabak ng iyong mga
kaaway ay umabot sa iyo; o kung dili ay tatlong araw na
ang tabak ng Panginoon, sa makatuwid baga'y ang salot sa
lupain, at ang anghel ng Panginoon ay mangwawasak sa
lahat na hangganan ng Israel. Ngayon nga'y akalain mo
kung anong sagot ang ibabalik ko sa kaniya na nagsugo sa
akin. 13 At sinabi ni David kay Gad, Ako'y totoong nasa
kagipitan: ipinamamanhik ko na ihulog mo ako ngayon
sa kamay ng Panginoon; sapagka't totoong malaki ang
kaniyang kaawaan; at huwag akong mahulog sa kamay
ng tao. 14 Sa gayo'y nagsugo ang Panginoon ng salot sa
Israel: at nabuwal sa Israel ay pitongpung libong lalake. 15
At ang Dios ay nagsugo ng isang anghel sa Jerusalem,
upang gibain; at nang kaniyang lilipulin, ang Panginoo'y
tumingin, at nagsisi siya tungkol sa kasamaan, at sinabi sa
manglilipol na anghel, Siya na, ngayo'y itigil mo ang iyong
kamay. At ang anghel ng Panginoon ay tumayo sa tabi ng

giikan ni Ornan na Jebuseo. 16 At itinanaw ni David ang
kaniyang mga mata, at nakita ang anghel ng Panginoon na
nakatayo sa pagitan ng lupa at ng langit, na may hawak
na tabak sa kaniyang kamay na nakaunat sa Jerusalem.
Nang magkagayo'y si David at ang mga matanda, na
nangakapanamit ng kayong magaspang ay nangagpatirapa.
17 At sinabi ni David sa Dios, Hindi ba ako ang nagpabilang
sa bayan? sa makatuwid baga'y ako yaong nagkasala at
gumawa ng totoong kasamaan; nguni't ang mga tupang
ito, ano ang kanilang ginawa? Idinadalangin ko sa iyo, Oh
Panginoon kong Dios, na ang iyong kamay ay maging laban
sa akin, at laban sa sangbahayan ng aking ama; nguni't
huwag laban sa iyong bayan, na sila'y masasalot. 18 Nang
magkagayo'y inutusan ng anghel ng Panginoon si Gad upang
sabihin kay David na siya'y sumampa, at magtayo ng isang
dambana sa Panginoon sa giikan ni Ornan na Jebuseo. 19
At si David ay sumampa sa sabi ni Gad na kaniyang sinalita
sa pangalan ng Panginoon. 20 At si Ornan ay bumalik
at nakita ang anghel; at ang kaniyang apat na anak na
kasama niya ay nagsipagkubli. Si Ornan nga ay gumigiik
ng trigo. 21 At samantalang si David ay naparoroon kay
Ornan, si Ornan ay tumanaw at nakita si David, at lumabas
sa giikan, at iniyukod kay David ang kaniyang mukha sa
lupa. 22 Nang magkagayo'y sinabi ni David kay Ornan,
Ibigay mo sa akin ang dako ng giikang ito, upang aking
mapagtayuan ng isang dambana sa Panginoon: sa buong
halaga ay ibibigay mo sa akin: upang ang salot ay tumigil sa
bayan. 23 At sinabi ni Ornan kay David, Kunin mo, at gawin
ng panginoon kong hari ang mabuti sa harap ng kaniyang
mga mata: narito, aking ibinibigay sa iyo ang mga baka na
mga pinakahandog na susunugin, at ang mga kasangkapan
ng giikan na pinaka kahoy, at ang trigo na pinakahandog
na harina; aking ibinibigay sa lahat. 24 At sinabi ng haring
David kay Ornan, Huwag; kundi katotohanang aking bibilhin
ng buong halaga: sapagka't hindi ko kukunin ang iyo para sa
Panginoon, o maghahandog man ng handog na susunugin
na walang bayad. 25 Sa gayo'y ibinigay ni David kay Ornan
dahil sa dakong yaon ang anim na raang siklong ginto na
pinakatimbang. 26 At ipinagtayo roon ni David ng isang
dambana ang Panginoon, at naghandog ng mga handog na
susunugin, at ng mga handog tungkol sa kapayapaan, at
tumawag sa Panginoon; at sinagot niya siya mula sa langit
sa pamamagitan ng apoy sa ibabaw ng dambana ng handog
na susunugin. 27 At inutusan ng Panginoon ang anghel;
at kaniyang isinuksok sa kaluban ang kaniyang tabak. 28
Nang panahong yaon, nang makita ni David na sinagot siya
ng Panginoon sa giikan ni Ornan na Jebuseo, siya nga'y
naghain doon. 29 Sapagka't ang tabernakulo ng Panginoon
na ginawa ni Moises sa ilang at ang dambana ng handog
na susunugin, ay nasa mataas na dako nang panahong
yaon sa Gabaon. 30 Nguni't si David ay hindi makaparoon
sa harap niyaon upang magusisa sa Dios: sapagka't siya'y
natakot dahil sa tabak ng anghel ng Panginoon.

22 Nang magkagayo'y sinabi ni David, Ito ang bahay ng
Panginoong Dios, at ito ang dambana ng handog na
susunugin para sa Israel. 2 At iniutos ni David na pisanin
ang mga taga ibang bayan na nasa lupain ng Israel; at
siya'y naglagay ng mga kantero upang magsitabas ng mga
yaring bato, upang itayo ang bahay ng Dios. 3 At si David
ay naghanda ng bakal na sagana na mga pinaka pako
sa mga pinto ng mga pintuang-daan, at sa mga sugpong;
at tanso na sagana na walang timbang; 4 At mga puno
ng sedro na walang bilang; sapagka't ang mga Sidonio at
ang mga taga Tiro ay nangagdala kay David ng mga puno
ng sedro na sagana. 5 At sinabi ni David, Si Salomong
aking anak ay bata at mura, at ang bahay na matatayo
na laan sa Panginoon ay marapat na totoong mainam,
na bantog at maluwalhati sa lahat na lupain: akin ngang
ipaghahanda. Sa gayo'y naghanda si David ng sagana bago
sumapit ang kaniyang kamatayan. 6 Nang magkagayo'y
ipinatawag niya si Salomon na kaniyang anak, at binilinan
niyang magtayo ng isang bahay na laan sa Panginoon,
sa Dios ng Israel. 7 At sinabi ni David kay Salomon na
kaniyang anak, Tungkol sa akin, na sa aking kalooban ang
magtayo ng isang bahay sa pangalan ng Panginoon kong
Dios. 8 Nguni't ang salita ng Panginoon ay dumating sa
akin, na nagsasabi, Ikaw ay nagbubo ng dugo na sagana, at
gumawa ng malaking pagdidigma: huwag mong ipagtatayo
ng bahay ang aking pangalan, sapagka't ikaw ay nagbubo
ng maraming dugo sa lupa sa aking paningin: 9 Narito,
isang lalake ay ipanganganak sa iyo, na siyang magiging
lalaking mapayapa; at bibigyan ko siya ng kapahingahan
sa lahat ng kaniyang mga kaaway sa palibot: sapagka't
ang kaniyang magiging pangalan ay Salomon, at bibigyan
ko ng kapayapaan at katahimikan ang Israel sa kaniyang
mga kaarawan: 10 Kaniyang ipagtatayo ng bahay ang
aking pangalan; at siya'y magiging aking anak, at ako'y
magiging kaniyang ama; at aking itatatag ang luklukan ng
kaniyang kaharian sa Israel magpakailan man. 11 Ngayon,
anak ko, ang Panginoon ay sumaiyo; at guminhawa ka,
at iyong itayo ang bahay ng Panginoon mong Dios, gaya
ng kaniyang sinalita tungkol sa iyo. 12 Pagkalooban ka
lamang ng Panginoon ng pagmumunimuni, at pagkakilala, at
bigyan ka niya ng bilin tungkol sa Israel; na anopa't iyong
maingatan ang kautusan ng Panginoon mong Dios. 13 Kung
magkagayo'y giginhawa ka, kung isasagawa mo ang mga
palatuntunan at ang mga kahatulan na ibinilin ng Panginoon
kay Moises tungkol sa Israel: ikaw ay magpakalakas at

magpakatapang; huwag kang matakot o manglupaypay man.
14 Ngayon, narito, sa aking karalitaan ay ipinaghanda ko ang
bahay ng Panginoon ng isang daang libong talentong ginto,
at isang libong libong talentong pilak; at ng tanso at bakal na
walang timbang; dahil sa kasaganaan: gayon din ng kahoy
at bato ay naghanda ako; at iyong madadagdagan. 15 Bukod
dito'y may kasama kang mga manggagawa na sagana, mga
mananabas ng bato at manggagawa sa bato at sa kahoy, at
lahat ng mga tao na bihasa sa anoman gawain; 16 Sa ginto,
sa pilak, at sa tanso, at sa bakal, walang bilang. Ikaw ay
bumangon at iyong gawin, at ang Panginoon ay sumaiyo. 17
Iniutos naman ni David sa lahat na prinsipe ng Israel na
tulungan si Salomon na kaniyang anak, na sinasabi, 18
Hindi ba ang Panginoon ninyong Dios ay sumasainyo? at
hindi ba binigyan niya kayo ng kapahingahan sa lahat na
dako? sapagka't kaniyang ibinigay ang mga nananahan sa
lupain sa aking kamay; at ang lupain ay suko sa harap ng
Panginoon, at sa harap ng kaniyang bayan. 19 Ngayo'y
inyong ilagak ang inyong puso at ang inyong kaluluwa
upang hanaping sundin ang Panginoon ninyong Dios; kayo'y
bumangon nga, at itayo ninyo ang santuario ng Panginoong
Dios, upang dalhin ang kaban ng tipan ng Panginoon, at ang
mga banal na kasangkapan ng Dios, sa loob ng bahay na
itatayo sa pangalan ng Panginoon.

**23** Si David nga ay matanda na at puspos ng mga araw:
at ginawa niyang hari si Salomon na kaniyang anak sa
Israel. 2 At pinisan niya ang lahat na prinsipe ng Israel, pati
ang mga saserdote at ng mga Levita. 3 At ang mga Levita
ay binilang mula sa tatlongpung taon na pataanda: at ang
kanilang bilang, ayon sa kanilang mga ulo, lalake't lalake, ay
tatlongpu't walong libo. 4 Sa mga ito, dalawangpu't apat na
libo ang nagsisitingin ng gawa sa bahay ng Panginoon; at
anim na libo ay mga pinuno at mga hukom: 5 At apat na
libo ay tagatanod-pinto: at apat na libo ay mangaawit sa
Panginoon na may mga panugtog na aking ginawa, sabi ni
David, upang ipangpuri. 6 At hinati sila ni David sa mga
hanay ayon sa mga anak ni Levi; si Gerson, si Coath, at si
Merari. 7 Sa mga Gersonita: si Ladan, at si Simi. 8 Ang
mga anak ni Ladan: si Jehiel na pinuno, at si Zetham, at si
Joel, tatlo. 9 Ang mga anak ni Simi: si Selomith, at si Haziel,
at si Aran, tatlo. Ang mga ito ang mga pangulo sa mga
sangbahayan ng mga magulang ni Ladan. 10 At ang mga
anak ni Simi: si Jahath, si Zinat, at si Jeus, at si Berias. Ang
apat na ito ang mga anak ni Simi. 11 At si Jahath ay siyang
pinuno, at si Zinat ang ikalawa: nguni't si Jeus at si Berias
ay hindi nagkaroon ng maraming anak; kaya't sila'y naging
isang sangbahayan ng mga magulang sa isang bilang. 12
Ang mga anak ni Coath: si Amram, si Ishar, si Hebron,
at si Uzziel, apat. 13 Ang mga anak ni Amram: si Aaron
at si Moises: at si Aaron ay nahiwalay, upang kaniyang
ariing banal ang mga kabanalbanalang bagay, niya at ng
kaniyang mga anak magpakailan man, upang magsunog ng
kamangyan sa harap ng Panginoon, upang mangasiwa sa
kaniya, at upang bumasbas sa pamamagitan ng kaniyang
pangalan, magpakailan man. 14 Nguni't tungkol kay Moises
na lalake ng Dios, ang kaniyang mga anak ay ibinilang na
lipi ni Levi. 15 Ang mga anak ni Moises: si Gerson at si
Eliezer. 16 Ang mga anak ni Gerson: si Sebuel na pinuno.
17 At ang mga anak ni Eliezer: si Rehabia na pinuno. At si
Eliezer ay hindi nagkaroon ng ibang mga anak; nguni't ang
mga anak ni Rehabia ay totoong marami. 18 Ang mga anak
ni Ishar: si Selomith na pinuno. 19 Ang mga anak ni Hebron:
si Jeria ang pinuno, si Amarias ang ikalawa, si Jahaziel
ang ikatlo, at si Jecaman ang ikaapat. 20 Ang mga anak ni
Uzziel: si Micha ang pinuno, at si Isia ang ikalawa. 21 Ang
mga anak ni Merari: si Mahali at si Musi. Ang mga anak ni
Mahali: si Eleazar at si Cis. 22 At si Eleazar ay namatay, at
hindi nagkaanak ng lalake, kundi mga babae lamang: at
nangagasawa sa kanila ang kanilang mga kapatid na mga
anak ni Cis. 23 Ang mga anak ni Musi: si Mahali, at si Eder,
at si Jerimoth, tatlo. 24 Ang mga ito ang mga anak ni Levi,
ayon sa mga sangbahayan ng kanilang mga magulang,
sa makatuwid baga'y mga pangulo sa mga sangbahayan
ng mga magulang doon sa mga nabilang, sa bilang ng
mga pangalan, ayon sa kanilang mga ulo, na nagsigawa ng
gawain sa paglilingkod sa bahay ng Panginoon, mula sa
dalawangpung taong gulang na pataanda. 25 Sapagka't sinabi
ni David, Ang Panginoon, ang Dios ng Israel ay nagbigay ng
kapahingahan sa kaniyang bayan; at siya'y tumatahan sa
Jerusalem magpakailan man: 26 At ang mga Levita naman
ay hindi na magkakailangan pang pasanin ang tabernakulo
at ang lahat na kasangkapan niyaon sa paglilingkod doon.
27 Sapagka't ayon sa mga huling salita ni David ay nabilang
ang mga anak ni Levi, mula sa dalawangpung taong gulang
na pataanda. 28 Sapagka't ang kanilang katungkulan ay
tumulong sa mga anak ni Aaron sa paglilingkod sa bahay ng
Panginoon, sa mga looban, at sa mga silid, at sa paglilinis
ng lahat na banal na bagay, sa gawain na paglilingkod sa
bahay ng Dios; 29 Gayon din sa tinapay na handog, at sa
mainam na harina na pinakahandog na harina, maging sa
mga manipis na tinapay na walang lebadura, at doon sa
niluto sa kawali, at doon sa pinirito; at sa lahat na sarisaring
takalan at panakal; 30 At upang tumayo tuwing umaga na
pasalamat at pumuri sa Panginoon, at gayon din naman
sa hapon; 31 At upang maghandog ng lahat na handog sa
Panginoon na susunugin sa mga sabbath, sa mga bagong
buwan, at sa mga takdang kapistahan, sa bilang alinsunod
sa utos tungkol sa kanila, na palagi sa harap ng Panginoon:

32 At sila ang magsisipagingat ng katungkulan sa tabernakulo
ng kapisanan, at ng katungkulan sa banal na dako, at ng
katungkulan ng mga anak ni Aaron na kanilang mga kapatid,
sa paglilingkod sa bahay ng Panginoon.

**24** At ang pagkabahagi ng mga anak ni Aaron ay ito. Ang
mga anak ni Aaron; si Nadab at si Abiu, si Eleazar at
si Ithamar. 2 Nguni't si Nadab at si Abiu ay namatay na una
sa kanilang ama, at hindi nangagkaanak: kaya't si Eleazar at
si Ithamar ang nagsigawa ng katungkulang pagkasaserdote.
3 At si David na kasama ni Sadoc sa mga anak ni Eleazar, at
si Ahimelech sa mga anak ni Ithamar, ay siyang bumahagi
sa kanila ayon sa kanilang paglilingkod. 4 At may higit
na mga pinuno na nasumpungan sa mga anak ni Eleazar
kay sa mga anak ni Ithamar: at ganito nila binahagi: sa
mga anak ni Eleazar ay may labing anim, na mga pangulo
sa mga sangbahayan ng mga magulang; at sa mga anak
ni Ithamar, ayon sa mga sangbahayan ng kanilang mga
magulang, walo. 5 Ganito nila binahagi sa pamamagitan
ng sapalaran, ng isa't isa sa kanila; sapagka't may mga
prinsipe sa santuario, at mga prinsipe ng Dios, sa mga anak
ni Eleazar, at gayon din sa mga anak ni Ithamar. 6 At si
Semeias na anak ni Nathanael na kalihim, na sa mga Levita
ay isinulat sila sa harapan ng hari, at ng mga prinsipe, at si
Sadoc na saserdote, at ni Ahimelech na anak ni Abiathar, at
ng mga pangulo sa mga sangbahayan ng mga magulang
ng mga saserdote, at ng mga Levita: isang sangbahayan
ng mga magulang ay kinuha para sa kay Eleazar, at isa'y
kinuha para sa kay Ithamar. 7 Ang una ngang kapalaran ay
lumabas kay Joiarib, ang ikalawa'y kay Jedaia; 8 Ang ikatlo
ay kay Harim, ang ikaapat ay kay Seorim; 9 Ang ikalima ay
kay Malchias, ang ikaanim ay kay Miamim; 10 Ang ikapito ay
kay Cos, ang ikawalo ay kay Abias; 11 Ang ikasiyam ay kay
Jesua, ang ikasangpu ay kay Sechania; 12 Ang ikalabing
isa ay kay Eliasib, ang ikalabing dalawa ay kay Jacim; 13
Ang ikalabing tatlo ay kay Uppa, ang ikalabing apat ay kay
Isebeab; 14 Ang ikalabing lima ay kay Bilga, ang ikalabing
anim ay kay Immer; 15 Ang ikalabing pito ay kay Hezir, ang
ikalabing walo ay kay Aphses; 16 Ang ikalabing siyam ay
kay Pethaia, ang ikadalawangpu ay kay Hezeciel; 17 Ang
ikadalawangpu't isa ay kay Jachin, ang ikadalawangpu't
dalawa ay kay Hamul; 18 Ang ikadalawangpu't tatlo ay kay
Delaia, ang ikadalawangpu't apat ay kay Maazia. 19 Ito ang
ayos nila sa kanilang paglilingkod, upang pumasok sa bahay
ng Panginoon ayon sa alituntunin na ibinigay sa kanila sa
pamamagitan ng kamay ni Aaron na kanilang magulang,
gaya ng iniutos sa kaniya ng Panginoon, ng Dios ng Israel.
20 At sa nalabi sa mga anak ni Levi: sa mga anak ni Amram:
si Subael; sa mga anak ni Subael, si Jehedias. 21 Kay
Rehabia: sa mga anak ni Rehabia, si Isias ang pinuno. 22
Sa mga Isharita, si Selomoth; sa mga anak ni Selomoth, si
Jath. 23 At sa mga anak ni Hebron: si Jeria ang pinuno, si
Amarias ang ikalawa, si Jahaziel ang ikatlo, si Jecaman ang
ikaapat. 24 Ang mga anak ni Uzziel; si Micha; sa mga anak
ni Micha, si Samir. 25 Ang kapatid ni Micha, si Isia; sa mga
anak ni Isia, si Zacharias. 26 Ang mga anak ni Merari: si
Mahali at si Musi: ang mga anak ni Jaazia: si Benno. 27
Ang mga anak ni Merari: kay Jaazia, si Benno, at si Soam,
at si Zachur, at si Ibri. 28 Kay Mahali: si Eleazar, na hindi
nagkaanak. 29 Kay Cis: ang mga anak ni Cis, si Jerameel.
30 At ang mga anak ni Musi: si Mahali, at si Eder, at si
Jerimoth. Ang mga ito ang mga anak ng mga Levita ayon
sa mga sangbahayan ng kanilang mga magulang. 31 Ang
mga ito nama'y nagsapalaran din na gaya ng kanilang mga
kapatid na mga anak ni Aaron, sa harap ni David na hari,
at ni Sadoc, at ni Ahimelech at ng mga pangulo sa mga
sangbahayan ng mga magulang ng mga saserdote at ng
mga Levita: ang mga sangbahayan ng mga magulang ng
pinuno, gaya ng kaniyang batang kapatid.

**25** Bukod dito'y si David at ang mga punong kawal ng
hukbo ay nagsipaghiwalay sa paglilingkod ng ilan
sa mga anak ni Asaph, at ni Heman, at ni Jeduthun; na
magsisipuri na may mga alpa, at mga salterio, at may mga
simbalo: at ang bilang ng nagsigawa ng ayon sa kanilang
paglilingkod. 2 Sa mga anak ni Asaph: si Zachur, at si Jose,
at si Methanias, at si Asareela, na mga anak ni Asaph; sa
ilalim ng kapangyarihan ni Asaph na siyang pumuri ayon sa
utos ng hari. 3 Kay Jeduthun: ang mga anak ni Jeduthun;
si Gedalias, at si Sesi, at si Jesaias, si Hasabias, at si
Mathithias, anim; sa ilalim ng kapangyarihan ng kanilang
ama na si Jeduthun na may alpa, na siyang pumuri na may
pagpapasalamat at pagpapaunlak sa Panginoon. 4 Kay
Heman: ang mga anak ni Heman: si Buccia, at si Mathania,
si Uzziel, si Sebuel, at si Jerimoth, si Hananias, si Hanani,
si Eliatha, si Gidalthi, at si Romamti-ezer, si Josbecasa, si
Mallothi, si Othir, si Mahazioth: 5 Lahat ng mga ito'y mga
anak ni Haman na tagakita ng hari sa mga salita ng Dios,
upang magtaas ng sungay. At ibinigay ng Dios kay Heman
ay labing apat na anak na lalake at tatlong anak na babae.
6 Lahat ng mga ito'y nangasa ilalim ng kapangyarihan ng
kanilang ama sa pagawit sa bahay ng Panginoon, na may
mga simbalo, mga salterio, at mga alpa, sa paglilingkod
sa bahay ng Dios; sa ilalim ng kapangyarihan ng hari, sa
makatuwid baga'y si Asaph, si Jeduthun, at si Heman. 7 At
ang bilang nila, pati ng kanilang mga kapatid na mga tinuruan
sa pagawit sa Panginoon, lahat na bihasa ay dalawang
daan at walongpu't walo. 8 At sila'y nagsapalaran sa ganang
kanilang mga katungkulan, silang lahat na parapara, kung
paano ang maliit ay gayon din ang malaki, ang guro na gaya

ng mga alagad. 9 Ang una ngang kapalaran ay kay Asaph
na nahulog kay Jose; ang ikalawa'y kay Gedalias; siya at
ang kaniyang mga kapatid at mga anak ay labing dalawa:
10 Ang ikatlo ay kay Zachur, sa kaniyang mga anak at sa
kaniyang mga kapatid, labing dalawa: 11 Ang ikaapat ay kay
Isri, sa kaniyang mga anak at sa kaniyang mga kapatid,
labing dalawa: 12 Ang ikalima ay kay Nethanias, sa kaniyang
mga anak at sa kaniyang mga kapatid, labing dalawa: 13
Ang ikaanim ay kay Buccia, sa kaniyang mga anak at sa
kaniyang mga kapatid, labing dalawa: 14 Ang ikapito ay
kay Jesarela, sa kaniyang mga anak at sa kaniyang mga
kapatid, labing dalawa: 15 Ang ikawalo ay kay Jesahias,
sa kaniyang mga anak at sa kaniyang mga kapatid, labing
dalawa: 16 Ang ikasiyam ay kay Mathanias, sa kaniyang
mga anak at sa kaniyang mga kapatid, labing dalawa: 17
Ang ikasangpu ay kay Simi, sa kaniyang mga anak at sa
kaniyang mga kapatid, labing dalawa: 18 Ang ikalabing
isa ay kay Azareel, sa kaniyang mga anak at sa kaniyang
mga kapatid, labing dalawa. 19 Ang ikalabing dalawa ay
kay Hasabias, sa kaniyang mga anak at sa kaniyang mga
kapatid, labing dalawa. 20 Ang ikalabing tatlo ay kay Subael,
sa kaniyang mga anak at sa kaniyang mga kapatid, labing
dalawa: 21 Ang ikalabing apat ay kay Mathithias, sa kaniyang
mga anak at sa kaniyang mga kapatid, labing dalawa:
22 Ang ikalabing lima ay kay Jerimoth, sa kaniyang mga
anak at sa kaniyang mga kapatid, labing dalawa: 23 Ang
ikalabing anim ay kay Hananias sa kaniyang mga anak at sa
kaniyang mga kapatid, labing dalawa: 24 Ang ikalabing pito
ay kay Josbecasa, sa kaniyang mga anak at sa kaniyang
mga kapatid, labing dalawa: 25 Ang ikalabing walo ay kay
Hanani, sa kaniyang mga anak at sa kaniyang mga kapatid,
labing dalawa: 26 Ang ikalabing siyam ay kay Mallothi, sa
kaniyang mga anak at sa kaniyang mga kapatid, labing
dalawa: 27 Ang ikadalawangpu ay kay Eliatha, sa kaniyang
mga anak at sa kaniyang mga kapatid, labing dalawa: 28
Ang ikadalawangpu't isa ay kay Othir, sa kaniyang mga
anak at sa kaniyang mga kapatid, labing dalawa: 29 Ang
ikadalawangpu't dalawa'y kay Giddalthi, sa kaniyang mga
anak at sa kaniyang mga kapatid, labing dalawa: 30 Ang
ikadalawangpu't tatlo ay kay Mahazioth, sa kaniyang mga
anak at sa kaniyang mga kapatid, labing dalawa: 31 Ang
ikadalawangpu't apat ay kay Romamti-ezer, sa kaniyang
mga anak at sa kaniyang mga kapatid, labing dalawa.

**26** Sa pagka bahagi ng mga tagatanod-pinto: sa mga
Coraita: si Meselemia na anak ni Core, sa mga anak
ni Asaph. 2 At si Meselemia ay nagkaanak; si Zacharias
ang panganay, si Jediael ang ikalawa, si Zebadias ang
ikatlo, si Jatnael ang ikaapat; 3 Si Elam ang ikalima, si
Johanam ang ikaanim, si Elioenai ang ikapito. 4 At si Obed-
edom ay nagkaanak; si Semeias ang panganay, si Jozabad
ang ikalawa, si Joab ang ikatlo, at si Sachar ang ikaapat,
at si Nathanael ang ikalima; 5 Si Anmiel ang ikaanim, si
Issachar ang ikapito, si Peullethai ang ikawalo; sapagka't
pinagpala siya ng Dios. 6 Kay Semeias namang kaniyang
anak ay nagkaanak ng mga lalake na nagsipagpuno sa
sangbahayan ng kanilang magulang: sapagka't sila'y mga
makapangyarihang lalaking matatapang. 7 Ang mga anak ni
Semeias: si Othni, at si Raphael at si Obed, si Elzabad,
na ang mga kapatid ay matatapang na lalake, si Eliu,
at si Samachias. 8 Lahat ng mga ito'y sa mga anak ni
Obed-edom: sila at ang kanilang mga anak at ang kanilang
mga kapatid, mga bihasang lalake sa kalakasan ukol sa
paglilingkod; anim na pu't dalawa kay Obed-edom. 9 At si
Meselemia ay nagkaroon ng mga anak at mga kapatid na
matatapang na lalake, labing walo. 10 Si Hosa naman sa
mga anak ni Merari ay nagkaroon ng mga anak; si Simri
ang pinuno (sapagka't bagaman hindi siya panganay, gayon
ma'y ginawa siyang pinuno ng kaniyang ama; ) 11 Si Hilcias
ang ikalawa, si Tebelias ang ikatlo, si Zacharias ang ikaapat;
lahat ng mga anak at mga kapatid ni Hosa ay labing tatlo. 12
Sa mga ito ang mga bahagi ng mga tagatanod-pinto, sa
makatuwid baga'y ng mga pinuno na may mga katungkulang
gaya ng kanilang mga kapatid na magsipangasiwa sa bahay
ng Panginoon. 13 At sila'y nangagsapalaran, gayon ang
maliit na gaya ng malaki, ayon sa mga sangbahayan ng
kanilang mga magulang na ukol sa bawa't pintuang-daan.
14 At ang kapalaran sa dakong silanganan ay nahulog kay
Selemia. Sa ganang kay Zacharias nga na kaniyang anak na
matalinong kasangguni, sila'y nagsapalaran; at ang kaniyang
kapalaran ay nahulog sa dakong hilagaan. 15 Kay Obed-
edom ay dakong timugan; at sa kaniyang mga anak ay ang
kamalig. 16 Kay Suppim at kay Hosa ay dakong kalunuran,
sa tabi ng pintuang-daan ng Sallechet, sa daanang paahon,
na pulutong at pulutong. 17 Sa dakong silanganan ay
anim na Levita, sa dakong hilagaan ay apat araw-araw,
sa dakong timugan ay apat araw-araw, at sa kamalig ay
dalawa't dalawa. 18 Sa Parbar sa dakong kalunuran, apat sa
daanan, at dalawa sa Parbar. 19 Ito ang mga bahagi ng mga
tagatanod-pinto; sa mga anak ng mga Coraita, at sa mga
anak ni Merari. 20 At sa mga Levita, si Achias ay nasa mga
kayamanan ng bahay ng Dios, at nasa mga kayamanan ng
mga itinalagang bagay. 21 Ang mga anak ni Ladan: ang mga
anak ng mga Gersonita na nauukol kay Ladan; ang mga
pangulo ng mga sangbahayan ng mga magulang na ukol kay
Ladan na Gersonita; si Jehieli. 22 Ang mga anak ni Jehieli:
si Zethan at si Joel na kaniyang kapatid, sa mga ingatang-
yaman ng bahay ng Panginoon. 23 Sa mga Amramita, sa
mga Isharita, sa mga Hebronita, sa mga Uzzielita: 24 At si

Sebuel na anak ni Gerson, na anak ni Moises, ay puno sa
mga ingatang-yaman. 25 At ang kaniyang mga kapatid kay
Eliezer ay nanggaling si Rehabia na kaniyang anak, at si
Isaias na kaniyang anak, at si Joram na kaniyang anak, at si
Zichri na kaniyang anak, at si Selomith na kaniyang anak. 26
Ang Selomith na ito at ang kaniyang mga kapatid ay nangasa
lahat ng ingatang-yaman ng nangatalagang mga bagay
na itinalaga ni David na hari, at ng mga pangulo ng mga
sangbahayan ng mga magulang, ng mga pinunong kawal
ng lilibuhin at ng dadaanin, at ng mga pinunong kawal ng
hukbo. 27 Ang samsam na pinanalunan sa pakikipagbaka,
ay kanilang itinalaga upang ayusin ang bahay ng Panginoon.
28 At lahat na itinalaga ni Samuel na tagakita, at ni Saul
na anak ni Cis, at ni Abner na anak ni Ner, at ni Joab na
anak ni Sarvia; ang anomang bagay na itinalaga ninoman ay
nasa ilalim ng pamamahala ni Selomith, at ng kaniyang mga
kapatid. 29 Sa mga Isharita, si Chenania at ang kaniyang
mga anak ay mga tagapamahala at hukom sa mga gawain
sa labas ng Israel. 30 Sa mga Hebronita, si Hasabias, at
ang kaniyang mga kapatid na mga lalaking matapang, na
isang libo't pitong daan, ay nangamamahala sa Israel sa
dako roon ng Jordan sa dakong kalunuran, na ukol sa lahat
ng gawain sa Panginoon, at sa paglilingkod sa hari. 31
Sa mga Hebronita ay si Jerias ang pinuno, sa makatuwid
baga'y sa mga Hebronita, ayon sa kanilang mga lahi ayon
sa mga sangbahayan ng mga magulang. Nang ikaapat na
pung taon ng paghahari ni David, sila'y hinanapan, at may
nasumpungan, sa kanilang mga makapangyarihang lalaking
matapang sa Jazer ng Galaad. 32 At ang kaniyang mga
kapatid na mga lalaking matapang, ay dalawang libo at
pitong daan, na mga pangulo ng mga sangbahayan ng mga
magulang na siyang ginawa ni David na mga tagapamahala
sa mga Rubenita, at sa mga Gadita, at sa kalahating lipi ng
mga Manasita, sa lahat ng usap na ukol sa Dios, at sa mga
bagay ng hari.

**27** Ang mga anak nga ni Israel ayon sa kanilang bilang,
sa makatuwid baga'y ang mga pangulo ng mga
sangbahayan ng mga magulang at ang mga pinunong kawal
ng lilibuhin at ng dadaanin, at ang kanilang mga pinuno na
nangaglilingkod sa hari, sa anomang bagay sa mga bahagi
ng pumapasok at lumalabas buwan-buwan sa lahat ng mga
buwan ng taon, sa bawa't bahagi ay dalawang pu't apat na
libo. 2 Sa unang pagka bahagi na ukol sa unang buwan ay
si Jasobam na anak ni Zabdiel: at sa kaniyang bahagi ay
dalawang pu't apat na libo. 3 Siya'y sa mga anak ni Phares,
na pinuno sa lahat na punong kawal ng hukbo na ukol sa
unang buwan. 4 At sa bahagi sa ikalawang buwan ay si
Dodai na Ahohita, at ang kaniyang bahagi, at si Miclot na
tagapamahala: at sa kaniyang bahagi ay dalawang pu't apat
na libo. 5 Ang ikatlong pinuno ng pulutong na ukol sa ikatlong
buwan ay si Benaias, na anak ni Joiada na saserdote,
pinuno: at sa kaniyang bahagi ay dalawang pu't apat na libo.
6 Ito yaong Benaias na siyang makapangyarihang lalake sa
tatlong pu, at pinuno sa tatlong pu; at sa kaniyang bahagi ay
si Amisabad na kaniyang anak. 7 Ang ikaapat na pinuno
sa ikaapat na buwan ay si Asael na kapatid ni Joab, at si
Zebadias na kaniyang kapatid ang sumusunod sa kaniya:
at sa kaniyang bahagi ay dalawang pu't apat na libo. 8
Ang ikalimang pinuno sa ikalimang buwan ay si Sambuth
na Izrita: at sa kaniyang bahagi ay dalawang pu't apat na
libo. 9 Ang ikaanim na pinuno sa ikaanim na buwan ay
si Ira na anak ni Icces na Tecoita: at sa kaniyang bahagi
ay dalawang pu't apat na libo. 10 Ang ikapitong pinuno sa
ikapitong buwan ay si Helles na Pelonita, sa mga anak
ni Ephraim: at sa kanilang bahagi ay dalawang pu't apat
na libo. 11 Ang ikawalong pinuno sa ikawalong buwan ay
si Sibbecai na Husatita, sa mga Zarahita; at sa kaniyang
bahagi ay dalawang pu't apat na libo. 12 Ang ikasiyam na
pinuno sa ikasiyam na buwan ay si Abiezer na Anathothita
sa mga Benjamita; at sa kaniyang bahagi ay dalawang pu't
apat na libo. 13 Ang ikasangpung pinuno sa ikasangpung
buwan ay si Maharai na Nethophathita sa mga Zarahita:
at sa kaniyang bahagi ay dalawang pu't apat na libo. 14
Ang ikalabing isang pinuno sa ikalabing isang buwan ay
si Benaias na Piratonita, sa mga anak ni Ephraim: at sa
kaniyang bahagi ay dalawang pu't apat na libo. 15 Ang
ikalabing dalawang pinuno sa ikalabing dalawang buwan
ay si Heldai na Nethophatita, sa Othniel: at sa kaniyang
bahagi ay dalawang pu't apat na libo. 16 Bukod dito'y sa
mga lipi ng Israel: sa mga Rubenita, si Eliezer, na anak ni
Zichri, na tagapamahala; sa mga Simeonita, si Sephatias
na anak ni Maacha. 17 Sa Levi, si Hasabias, na anak ni
Camuel; sa Aaron, si Sadoc; 18 Sa Juda, si Eliu, isa sa mga
kapatid ni David; sa Issachar, si Omri na anak ni Michael: 19
Sa Zabulon, si Ismaias na anak ni Abdias: sa Nephtali, si
Jerimoth na anak ni Azriel: 20 Sa mga anak ni Ephraim, si
Oseas na anak ni Azazia: sa kalahating lipi ni Manases, si
Joel na anak ni Pedaia: 21 Sa kalahating lipi ni Manases
sa Galaad, si Iddo na anak ni Zacharias: sa Benjamin, si
Jaaciel na anak ni Abner. 22 Sa Dan, si Azarael na anak ni
Jeroam. Ang mga ito ang mga pinunong kawal ng mga lipi
ng Israel. 23 Nguni't hindi tinuos ni David ang bilang nila
mula sa dalawang pung taon na paibaba: sapagka't sinabi
ng Panginoon na kaniyang pararamihin ang Israel na gaya
ng mga bituin sa langit. 24 Si Joab na anak ni Sarvia ay
nagpasimulang bumilang, nguni't hindi natapos; at dumating
sa Israel ang pag-iinit dahil dito: ni hindi nalagda ang bilang
sa mga alaala ng haring David. 25 At nasa mga ingatang-

yaman ng hari, si Azmaveth na anak ni Adiel: at sa mga
ingatang-yaman sa mga bukid, sa mga bayan, at sa mga
nayon, at sa mga kastilyo ay si Jonathan na anak ni Uzzias:
**26** At sa nagsisigawa sa bukiran, na ukol sa pagbubukid sa
lupa ay si Izri na anak ni Chelud: **27** At sa mga ubasan ay si
Simi na Ramathita: at sa mga pakinabang sa mga ubasan
na ukol sa mga kamalig ng alak ay si Zabdias na Siphmita:
**28** At sa mga puno ng olibo at sa mga puno ng sikomoro na
nangasa mababang lupa ay si Baal-hanan na Gederita: at
sa mga kamalig ng langis ay si Joas: **29** At sa mga bakahan
na pinasasabsab sa Saron ay si Sitrai na Saronita: at sa
mga bakahan na nangasa mga libis ay si Saphat na anak ni
Adlai: **30** At sa mga kamelyo ay si Obil na Ismaelita: at sa
mga asno ay si Jedias na Meronothita: At sa mga kawan ay
si Jaziz na Hagrita. **31** Lahat ng mga ito'y mga katiwala sa
mga pag-aari ng haring David. **32** At si Jonathan na amain ni
David ay kasangguni at lalaking matalino, at kalihim; at si
Jehiel na anak ni Hacmoni ay nasa mga anak ng hari: **33** At
si Achitophel ay kasangguni ng hari: at si Husai na Archita
ay kaibigan ng hari: **34** At sumusunod kay Achitophel ay si
Joiada na anak ni Benaias, at si Abiathar: at ang pinunong
kawal sa hukbo ng hari ay si Joab.

**28** At pinulong ni David ang lahat na prinsipe sa Israel,
ang mga prinsipe ng mga lipi, at ang mga punong
kawal ng mga pulutong na nagsisipaglingkod sa hari ayon sa
halinhinan, at ang mga punong kawal ng lilibuhin, at ang mga
punong kawal ng dadaanin, at ang mga katiwala sa lahat ng
tinatangkilik at pag-aari ng hari at ng kaniyang mga anak,
na kasama ng mga pinuno at ng mga makapangyarihang
lalake, lahat na makapangyarihang lalaking matapang, sa
Jerusalem. **2** Nang magkagayo'y tumayo si David na hari
sa kaniyang mga paa, at nagsabi, Dinggin ninyo ako: mga
kapatid ko, at bayan ko sa ganang akin, na sa aking puso
ang ipagtayo ng isang bahay na pahingahan ang kaban ng
tipan ng Panginoon, at upang tungtungan ng mga paa ng
ating Dios; at ako'y humanda sa pagtatayo. **3** Nguni't sinabi
ng Dios sa akin, Huwag mong ipagtatayo ng bahay ang
aking pangalan, sapagka't ikaw ay lalaking mangdidigma, at
nagbubo ka ng dugo. **4** Gayon ma'y pinili ako ng Panginoon,
ng Dios ng Israel, sa buong sangbahayan ng aking ama
upang maging hari sa Israel magpakailan man: sapagka't
kaniyang pinili ang Juda upang maging pangulo: at sa
sangbahayan ng Juda, ang sangbahayan ng aking ama; at
sa gitna ng mga anak ng aking ama ay kinaluguran niya ako
upang gawin akong hari sa buong Israel: **5** At sa lahat ng
aking mga anak (sapagka't binigyan ako ng Panginoon ng
maraming anak, ) pinili niya si Salomon na aking anak upang
umupo sa luklukan ng kaharian ng Panginoon sa Israel. **6**
At kaniyang sinabi sa akin, Si Salomon na iyong anak ay
siyang magtatayo ng aking bahay at ng aking mga looban;
sapagka't aking pinili siya upang maging anak ko, at ako'y
magiging kaniyang ama. **7** At aking itatatag ang kaniyang
kaharian magpakailan man, kung kaniyang pamamalagiang
sundin ang aking mga utos at ang aking mga kahatulan,
gaya sa araw na ito. **8** Ngayon nga'y sa paningin ng buong
Israel, ng kapisanan ng Panginoon, at sa pakinig ng ating
Dios, sundin at suriin ang lahat na utos ng Panginoon
ninyong Dios: upang inyong ariin ang mabuting lupaing ito,
at maiwang pinakamana sa inyong mga anak pagkamatay
ninyo, magpakailan man. **9** At ikaw, Salomon na aking anak,
kilalanin mo ang Dios ng iyong ama, at paglingkuran mo
siya ng sakdal na puso at ng kusang pagiisip: sapagka't
sinasaliksik ng Panginoon ang lahat na puso, at naaalaman
ang lahat na akala ng pagiisip: kung iyong hanapin siya, ay
masusumpungan siya sa iyo; nguni't kung pabayaan mo
siya, kaniyang itatakwil ka magpakailan man. **10** Magingat
ka ngayon; sapagka't pinili ka ng Panginoon upang ipagtayo
mo ng bahay ang santuario; magpakalakas ka, at gawin
mo. **11** Nang magkagayo'y ibinigay ni David kay Salomon na
kaniyang anak ang anyo ng portiko ng templo, at ng mga
kabahayan niyaon, at ng mga ingatang-yaman niyaon, at
ng mga mataas na silid niyaon, at ng mga pinakaloob na
silid niyaon, at ng dakong luklukan ng awa: **12** At ang anyo
ng lahat na kaniyang naisip sa pamamagitan ng Espiritu
tungkol sa mga looban ng bahay ng Panginoon, at tungkol
sa lahat ng silid sa palibot, tungkol sa mga ingatang-yaman
ng bahay ng Dios, at tungkol sa mga ingatang-yaman ng
mga natalagang bagay: **13** Tungkol din naman sa mga
bahagi ng mga saserdote at ng mga Levita, at tungkol sa
lahat na gawain sa paglilingkod sa bahay ng Panginoon, at
tungkol sa lahat na kasangkapan na ipinaglilingkod sa bahay
ng Panginoon. **14** Sa ginto na ang timbang na ukol sa mga
kasangkapang ginto, sa lahat na kasangkapan ng sarisaring
paglilingkod; sa pilak na ukol sa lahat ng kasangkapan na
pilak ang timbang, sa lahat na kasangkapan ng sarisaring
paglilingkod: **15** Na ang timbang din naman na ukol sa mga
kandelero na ginto, at sa mga ilawan niyaon, na ginto: na
ang timbang sa bawa't kandelero at sa mga ilawan niyaon:
at sa mga kandelerong pilak, pilak na ang timbang sa bawa't
kandelero, at sa mga ilawan niyaon, ayon sa kagamitan sa
bawa't kandelero: **16** At ang ginto na ang timbang na ukol sa
mga dulang ng tinapay na handog, na ukol sa bawa't dulang;
at pilak na ukol sa mga dulang na pilak: **17** At ang mga
panduro, at ang mga mangkok, at ang mga saro, na taganas
na ginto: at sa mga gintong taza ay ang timbang sa bawa't
taza; at sa mga pilak na taza ay ang timbang sa bawa't taza;
**18** At sa dambana ng kamangyan ay gintong dalisay ayon sa
timbang: at ginto sa anyo ng karo, sa makatuwid baga'y ang

mga querubin na nakabuka ang mga pakpak at lumililim
sa kaban ng tipan ng Panginoon. 19 Lahat ng ito'y, sabi
ni David, aking naalaman sa sulat na mula sa kamay ng
Panginoon, sa makatuwid baga'y lahat ng gawain sa anyong
ito. 20 At sinabi ni David kay Salomon na kaniyang anak,
Ikaw ay magpakalakas at magpakatapang, at gawin mo:
huwag kang matakot, o manglupaypay man; sapagka't ang
Panginoong Dios, na aking Dios, ay sumasaiyo; hindi ka
niya iiwan, o pababayaan man, hanggang sa ang lahat na
gawain sa paglilingkod sa bahay ng Panginoon ay matapos.
21 At, narito, may mga bahagi sa mga saserdote at sa mga
Levita, na ukol sa lahat na paglilingkod sa bahay ng Dios:
at magkakaroon sa iyo sa lahat ng sarisaring gawain ng
bawa't may kusang kaloobang tao na bihasa sa sarisaring
paglilingkod: ang mga punong kawal naman at ang buong
bayan ay lubos na sasa iyong utos.

**29** At sinabi ni David na hari sa buong kapisanan, si
Salomon na aking anak na siya lamang pinili ng Dios
ay bata pa at sariwa, at ang gawain ay malaki; sapagka't
ang templo ay hindi ukol sa tao, kundi sa Panginoong Dios.
2 Akin ngang ipinaghanda ng aking buong kaya ang bahay
ng aking Dios, ng ginto na ukol sa mga bagay na ginto, at
ng pilak na ukol sa mga bagay na pilak, at ng tanso na ukol
sa mga bagay na tanso, ng bakal na ukol sa mga bagay na
bakal, at ng kahoy na ukol sa mga bagay na kahoy; ng mga
batong onix, at mga batong pangkalupkop, ng mga batong
panggayak, at may sarisaring kulay, at ng lahat na sarisaring
mahalagang bato, at ng mga batong marmol na sagana. 3
Bukod din naman dito, sapagka't aking inilagak ang aking
loob sa bahay ng aking Dios, na yamang may tinatangkilik
ako na aking sariling ginto at pilak, ay aking ibinibigay sa
bahay ng aking Dios, bukod sa lahat na aking inihanda na
ukol sa banal na bahay; 4 Sa makatuwid baga'y tatlong
libong talentong ginto, na ginto sa Ophir, at pitong libong
talentong dalisay na pilak upang ibalot sa mga panig ng mga
bahay: 5 Ginto na ukol sa mga bagay na ginto, at pilak na
ukol sa mga bagay na pilak at sa lahat na sarisaring gawain
na yayariin ng mga kamay ng mga manggagawa. Sino nga
ang naghahandog na kusa upang magtalaga sa Panginoon
sa araw na ito? 6 Nang magkagayo'y naghandog na kusa
ang mga prinsipe ng mga sangbahayan ng mga magulang, at
ang mga prinsipe ng mga lipi ng Israel, at ang mga pinunong
kawal ng lilibuhin at ng dadaanin, pati ng mga tagapamahala
sa gawain ng hari; 7 At ibinigay nila sa paglilingkod sa bahay
ng Dios, ay ginto, na limang libong talento, at sangpung
libong dariko, at pilak na sangpung libong talento, at tanso
na labing walong libong talento, at bakal na isang daang
libong talento. 8 At sila'y nangasumpungang may mga
mahalagang bato ay nagsipagbigay sa kayamanan ng bahay
ng Panginoon, sa ilalim ng kapangyarihan ng kamay ni
Jehiel na Gersonita. 9 Nang magkagayo'y nagalak ang
bayan, dahil sa sila'y nangaghandog na kusa, sapagka't
sila'y may dalisay na puso na nangaghandog na kusa sa
Panginoon: at si David naman na hari ay nagalak ng dakilang
pagkagalak. 10 Kaya't pinuri ni David ang Panginoon sa
harap ng buong kapisanan; at sinabi ni David, Purihin ka, Oh
Panginoon, na Dios ng Israel na aking ama, magpakailan
kailan man. 11 Iyo, Oh Panginoon ang kadakilaan, at ang
kapangyarihan, at ang kaluwalhatian, at ang pagtatagumpay,
at ang karangalan: sapagka't lahat na nangasa langit at
nangasa lupa ay iyo: iyo ang kaharian, Oh Panginoon, at
ikaw ay nataas na pangulo sa lahat. 12 Ang mga kayamanan
at gayon din ang karangalan ay nangagmumula sa iyo, at
ikaw ang nagpupuno sa lahat; at nasa iyong kamay ang
kapangyarihan at kalakasan; at nasa iyong kamay ang
pagpapadakila, at pagpapalakas sa lahat. 13 Kaya't ngayon,
aming Dios, kami ay nagpasasalamat sa iyo, at aming
pinupuri ang iyong maluwalhating pangalan. 14 Nguni't sino
ako, at ano ang aking bayan, na makapaghahandog na
ganyang kusa ayon sa ganitong paraan? sapagka't ang
lahat na bagay ay nangagmumula sa iyo, at ang iyong sarili
ay aming ibinigay sa iyo. 15 Sapagka't kami ay mga taga
ibang lupa sa harap mo, at mga nakikipamayan, gaya ng
lahat naming mga magulang: ang aming mga kaarawan sa
lupa ay gaya ng anino, at hindi nagtatagal. 16 Oh Panginoon
naming Dios, lahat ng bagay na ito na aming inihanda upang
ipagtayo ka ng bahay na ukol sa iyong banal na pangalan
ay nangagmumula sa iyong kamay, at iyong sariling lahat.
17 Talastas ko rin, Dios ko na iyong sinusubok ang puso,
at nalulugod sa katuwiran. Sa ganang akin, sa katuwiran
ng aking puso ay aking inihandog na kusa ang lahat na
bagay na ito: at ngayo'y nakita kong may kagalakan ang
iyong bayan na nahaharap dito, na naghahandog na kusa
sa iyo. 18 Oh Panginoon, na Dios ni Abraham, ni Isaac, at ni
Israel na aming mga magulang, ingatan mo ito magpakailan
man sa akala ng mga pagiisip ng puso ng iyong bayan,
at ihanda mo ang kanilang puso sa iyo: 19 At bigyan mo
naman si Salomon na aking anak ng sakdal na puso, upang
ingatan ang iyong mga utos, ang iyong mga patotoo, at
ang iyong mga palatuntunan, at upang gawin ang lahat na
bagay na ito, at upang itayo ang templo, na siyang aking
ipinaghanda. 20 At sinabi ni David sa buong kapisanan,
Ngayo'y purihin ninyo ang Panginoon ninyong Dios. At
ang buong kapisanan ay pumuri sa Panginoon, sa Dios
ng kanilang mga magulang, at iniyukod ang kanilang mga
ulo, at sumamba sa Panginoon, at sa hari. 21 At sila'y
nagsipaghain ng mga hain sa Panginoon, at nagsipaghandog
sa Panginoon ng mga handog na susunugin sa kinabukasan,

pagkatapos nang araw na yaon, sa makatuwid baga'y isang
libong baka, at isang libong tupang lalake, at isang libong
kordero, pati ng mga inuming handog na ukol sa mga yaon,
at ng mga hain na sagana ukol sa buong Israel; **22** At
nagkainan at naginuman sa harap ng Panginoon nang araw
na yaon na may malaking kasayahan. At kanilang ginawang
hari na ikalawa si Salomon na anak ni David, at pinahiran
ng langis siya sa Panginoon upang maging pangulo, at si
Sadoc upang maging saserdote. **23** Nang magkagayo'y
naupo si Salomon sa luklukan ng Panginoon na pinaka hari
na kahalili ni David na kaniyang ama, at guminhawa; at
ang buong Israel ay tumalima sa kaniya. **24** At ang lahat
na prinsipe at mga matapang na lalake, at ang lahat ding
anak ng haring David, ay sumailalim ng kapangyarihan ng
haring Salomon. **25** At pinadakilang mainam ng Panginoon
si Salomon sa paningin ng buong Israel, at isinakaniya ang
gayong karangalang pagkahari na hindi napasa kanino mang
hari na nauna sa kaniya sa Israel. **26** Si David nga na anak
ni Isai ay naghari sa buong Israel. **27** At ang panahon na
kaniyang ipinaghari sa Israel ay apat na pung taon; pitong
taon na naghari siya sa Hebron, at tatlong pu't tatlong taon
na naghari siya sa Jerusalem. **28** At siya'y namatay sa
mabuting katandaan, puspus ng mga araw, mga kayamanan,
at karangalan: at si Salomon na kaniyang anak ay naghari
na kahalili niya. **29** Ang mga gawa nga ni David na hari, na
una at huli, narito, nangasusulat sa kasaysayan ni Samuel
na tagakita, at sa kasaysayan ni Nathan na propeta, at
sa kasaysayan ni Gad na tagakita; **30** Pati ng buo niyang
paghahari, at kaniyang kapangyarihan at ang mga panahong
dinaanan niya, at ng Israel, at ng lahat ng mga kaharian ng
mga lupain.

# 2 Mga Cronica

**1** At si Salomon na anak ni David ay tumibay sa kaniyang
kaharian, at ang Panginoon niyang Dios ay sumakaniya,
at pinadakila siyang mainam. **2** At si Salomon ay nagsalita sa
buong Israel, sa mga pinunong kawal ng lilibuhin at dadaanin,
at sa mga hukom, at sa bawa't prinsipe sa buong Israel, na
mga pangulo ng mga sangbahayan ng mga magulang. **3**
Sa gayo'y si Salomon, at ang buong kapisanan na kasama
niya, ay naparoon sa mataas na dako na nasa Gabaon;
sapagka't nandoon ang tabernakulo ng kapisanan ng Dios,
na ginawa sa ilang ni Moises na lingkod ng Panginoon. **4**
Nguni't ang kaban ng Dios ay iniahon ni David mula sa
Chiriath-jearim hanggang sa dakong pinaghandaan ni David:
sapagka't kaniyang ipinagtayo ng tolda sa Jerusalem. **5**
Bukod dito'y ang dambanang tanso na ginawa ni Bezaleel
na anak ni Uri, na anak ni Hur, ay nandoon sa harap ng
tabernakulo ng Panginoon: at doo'y sumangguni si Salomon
at ang buong kapisanan. **6** At si Salomon ay sumampa
roon sa dambanang tanso sa harap ng Panginoon, na nasa
tabernakulo ng kapisanan, at naghandog ng isang libong
handog na susunugin doon. **7** Nang gabing yaon ay napakita
ang Dios kay Salomon, at nagsabi sa kaniya, Hingin mo
kung ano ang ibibigay ko sa iyo. **8** At sinabi ni Salomon sa
Dios, Ikaw ay nagpakita ng malaking kagandahang loob kay
David na aking ama, at ginawa mo akong hari na kahalili
niya. **9** Ngayon, Oh Panginoong Dios, itatag mo ang iyong
pangako kay David na aking ama: sapagka't ginawa mo
akong hari sa bayang gaya ng alabok ng lupa sa karamihan.
**10** Bigyan mo ako ngayon ng karunungan at kaalaman,
upang ako'y makapaglabas pumasok sa harap ng bayang
ito: sapagka't sinong makahahatol dito sa iyong bayan na
totoong malaki? **11** At sinabi ng Dios kay Salomon, Sapagka't
ito ang sumaiyong puso, at hindi ka humingi ng kayamanan,
pag-aari o karangalan o ng buhay man ng nangapopoot sa
iyo, o humingi ka kaya ng mahabang buhay; kundi humingi
ka ng karunungan at kaalaman sa ganang iyong sarili, upang
iyong mahatulan ang aking bayan, na aking pinaggawan sa
iyo na hari: **12** Karunungan at kaalaman ay nabigay sa iyo;
at bibigyan kita ng kayamanan, at pag-aari, at karangalan
na walang hari na una sa iyo na nagkaroon ng ganyan, o
sinoman ay magkakaroon ng gayong pagkamatay mo. **13** Sa
gayo'y dumating si Salomon mula sa mataas na dako na
nasa Gabaon, mula sa harap ng tabernakulo ng kapisanan
hanggang sa Jerusalem; at siya'y naghari sa Israel. **14** At si
Salomon ay nagpisan ng mga karo at mga mangangabayo:
at siya'y mayroong isang libo at apat na raang karo, at
labing dalawang libong mangangabayo, na kaniyang inilagay
sa bayan ng mga karo, at kasama ng hari sa Jerusalem.
**15** At ginawa ng hari ang pilak at ginto na maging gaya
ng mga bato sa Jerusalem, at ang mga sedro na maging
gaya ng mga sikomoro na nangasa mababang lupa dahil
sa kasaganaan. **16** At ang mga kabayo na tinatangkilik ni
Salomon ay inilabas sa Egipto; ang mga mangangalakal ng
hari ay nagsitanggap sa kanila ng mga kawan, na bawa't
kawan ay sa halaga. **17** At kanilang iniaahon at inilalabas sa
Egipto ang isang karo sa halagang anim na raang siklong
pilak, at ang isang kabayo sa isang daan at limangpu: at
gayon sa lahat na hari ng mga Hetheo, at sa mga hari sa
Siria, kanilang mga inilalabas sa pamamagitan nila.

**2** Si Salomon nga ay nagpasiya na ipagtayo ng bahay ang
pangalan ng Panginoon, at ng isang bahay ang kaniyang
kaharian. **2** At si Salomon ay bumilang ng pitong pung libong
lalake upang magsipagpasan ng mga pasan, at walong pung
libong lalake na mga maninibag ng bato sa mga bundok, at
tatlong libo at anim na raan upang mamahala sa kanila.
**3** At si Salomon ay nagsugo kay Hiram na hari sa Tiro,
na ipinasasabi, Kung paanong iyong ginawa kay David na
aking ama at pinadalhan siya ng mga sedro upang ipagtayo
siya ng bahay na matirahan doon, gayon din ang gawin mo
sa akin. **4** Narito, aking ipinagtatayo ng isang bahay ang
pangalan ng Panginoon kong Dios, upang italaga sa kaniya,
at upang magsunog sa harap niya ng kamangyan na may
mga mainam na espesia, at maiukol sa palaging tinapay
na handog, at sa mga handog na susunugin sa umaga at
hapon, sa mga sabbath, at sa mga bagong buwan, at sa
mga takdang kapistahan sa Panginoon naming Dios. Ito
ang utos sa Israel magpakailan man. **5** At ang bahay na
aking itinatayo ay dakila: sapagka't dakila ang aming Dios
kay sa lahat ng mga Dios. **6** Nguni't sinong makapagtatayo
para sa kaniya ng isang bahay, dangang sa langit at sa
langit ng mga langit ay hindi siya magkasiya? sino nga ako,
na ipagtatayo ko siya ng isang bahay, liban sa magsunog
lamang ng kamangyan sa harap niya? **7** Ngayon nga'y
suguan mo ako ng isang lalake na bihasang manggagawa
sa ginto, at sa pilak, at sa tanso, at sa bakal, at sa kulay
ube, at matingkad na pula, at bughaw, at ng makauukit
ng sarisaring ukit, upang makasama ng mga matalinong
lalake na kasama ko sa Juda at sa Jerusalem, na itinaan ni
David na aking ama. **8** Padalhan mo rin ako ng mga kahoy
na sedro, mga kahoy na abeto, at mga kahoy na algum,
na mula sa Libano, sapagka't talastas ko na ang iyong
mga bataan ay matalinong pumutol ng kahoy sa Libano.
At, narito, ang aking mga alipin ay sasama sa iyong mga
bataan, **9** Sa makatuwid baga'y upang ipaghanda ako ng
kahoy na sagana: sapagka't ang bahay na aking itatayo ay
magiging dakila at kagilagilalas. **10** At narito, aking ibibigay
sa iyong mga bataan, na mga mamumutol ng kahoy, ang

dalawangpung libong koro ng binayong trigo, at dalawang
pung libong koro ng sebada, at dalawangpung libong bath
ng alak, at dalawangpung libong bath ng langis. 11 Nang
magkagayo'y si Hiram na hari sa Tiro ay sumagot sa sulat,
na kaniyang ipinadala kay Salomon, Sapagka't minamahal
ng Panginoon ang kaniyang bayan, ay ginawa ka niyang
hari sa kanila. 12 Sinabi ni Hiram bukod dito, Purihin ang
Panginoon, ang Dios ng Israel, na lumikha ng langit at lupa,
na nagbigay kay David na hari ng isang pantas na anak, na
may bait at kaalaman, na ipagtatayo ng isang bahay ang
Panginoon, at ng isang bahay ang kaniyang kaharian. 13 At
ngayo'y nagsugo ako ng bihasang lalake na may kaalaman,
kay Hiram na aking ama, 14 Na anak ng isang babae sa mga
anak ni Dan; at ang kaniyang ama ay taga Tiro na bihasang
manggagawa sa ginto, at sa pilak, sa tanso, sa bakal, sa
bato, at sa kahoy, sa kulay ube, sa bughaw, at sa mainam
na kayong lino, at sa matingkad na pula; upang umukit
din naman ng anomang paraan ng ukit, at magmunakala
ng anoman; upang magkaroon ng isang takdang dako sa
kaniya na kasama ng iyong mga bihasang lalake at ng mga
bihasang lalake ng aking panginoong si David na iyong
ama. 15 Ngayon nga'y ang trigo at ang sebada, ang langis
at ang alak, na sinalita ng aking panginoon, ipadala niya sa
kaniyang mga bataan: 16 At kami ay magsisiputol ng kahoy
mula sa Libano, kung gaano ang iyong kakailanganin: at
aming dadalhin sa iyo sa mga balsa na idadaan sa dagat
hanggang sa Joppe; at iyong iaahon sa Jerusalem. 17 At
binilang ni Salomon ang lahat na taga ibang lupa na nangasa
lupain ng Israel, ayon sa bilang na ibinilang ni David na
kaniyang ama sa kanila; at nasumpungan ay isang daan
at limang pu't tatlong libo at anim na raan. 18 At kaniyang
inilagay sa kanila ay pitong pung libong tagadala ng pasan,
at walong pung libo na mga maninibag ng bato sa mga
bundok, at tatlong libo at anim na raan na kapatas upang
magayos ng gawain ng bayan.

**3** Nang magkagayo'y pinasimulan ni Salomon na itayo ang
bahay ng Panginoon, sa Jerusalem sa bundok ng Moria,
na pinagkakitaan ng Panginoon kay David na kaniyang ama,
sa dakong kaniyang pinaghandaan na pinagtakdaan ni David
sa giikan ni Ornan na Jebuseo. 2 At siya'y nagpasimulang
magtayo nang ikalawang araw ng ikalawang buwan ng
ikaapat na taon ng kaniyang paghahari. 3 Ang mga ito
nga ay ang mga tatagangbaon na inilagay ni Salomon na
ukol sa pagtatayo ng bahay ng Dios. Ang haba sa mga
siko ayon sa panukat ng una ay anim na pung siko, at
ang luwang ay dalawangpung siko. 4 At ang portiko na
nasa harap ng bahay, ang haba niyao'y ayon sa luwang ng
bahay ay dalawang pung siko, at ang taas ay isang daang
at dalawangpu: at kaniyang binalutan sa loob ng taganas
na ginto. 5 At ang lalong malaking bahay ay kaniyang
kinisamihan ng kahoy na abeto, na kaniyang binalot ng
dalisay na ginto, at ginawan niya ng mga palma at mga
tanikala. 6 At kaniyang ginayakan ang bahay ng mga
mahalagang bato na pinakapangpaganda: at ang ginto,
ay ginto sa Parvaim. 7 Kaniyang binalutan din naman ng
ginto ang bahay, ang mga sikang, ang mga pintuan, at ang
mga panig niyaon at ang mga pinto; at inukitan ng mga
querubin sa mga panig niyaon. 8 At kaniyang ginawa ang
kabanalbanalang bahay; ang haba niyaon, ayon sa luwang
ng bahay, ay dalawangpung siko, at ang luwang niyaon
ay dalawangpung siko; at kaniyang binalutan ng dalisay
na ginto, na may timbang na anim na raang talento. 9 At
ang bigat ng mga pako ay limangpung siklong ginto. At
kaniyang binalot ng ginto ang pinakamataas na silid. 10 At
sa kabanalbanalang bahay ay gumawa siya ng dalawang
querubin na gawang nilarawan; at binalot nila ng ginto. 11 At
ang mga pakpak ng mga querubin ay dalawangpung siko
ang haba; ang pakpak ng isang querubin ay limang siko, na
abot sa panig ng bahay; at ang kabilang pakpak ay gayon
din na limang siko na abot sa pakpak ng isang querubin.
12 At ang pakpak ng isang querubin ay limang siko, na
abot sa panig ng bahay: at ang kabilang pakpak ay limang
siko rin, na nakadaiti sa pakpak ng isang querubin. 13 Ang
mga pakpak ng mga querubing ito ay nangakaladlad ng
dalawangpung siko: at sila'y nangakatayo ng kanilang mga
paa, at ang kanilang mga mukha ay paharap sa dako ng
bahay. 14 At kaniyang ginawa ang lambong na bughaw, at
kulay ube, at matingkad na pula, at mainam na kayong lino,
at ginawan ng mga querubin. 15 Siya'y gumawa rin sa harap
ng bahay ng dalawang haligi na may tatlongpu't limang siko
ang taas, at ang kapitel na nasa ibabaw ng bawa't isa sa
mga yaon ay limang siko. 16 At kaniyang ginawan ng mga
tanikala ang sanggunian at inilagay sa ibabaw ng mga haligi;
at siya'y gumawa ng isang daang granada, at inilagay sa
mga tanikala. 17 At kaniyang itinayo ang mga haligi sa harap
ng templo, ang isa'y sa kanan, at ang isa'y sa kaliwa; at
tinawag ang pangalan niyaong nasa kanan ay Jachin, at ang
pangalan niyaong nasa kaliwa ay Boaz.

**4** Bukod dito'y gumawa siya ng dambanang tanso na
dalawangpung siko ang haba niyaon, at dalawangpung
siko ang luwang niyaon, at sangpung siko ang taas niyaon.
2 Gumawa rin siya ng dagatdagatan na binubo na may
sangpung siko sa labi't labi, na mabilog, at ang taas niyaon
ay limang siko; at isang panukat na pisi na may tatlong
pung siko na nakalibid sa paligid. 3 At sa ilalim niyao'y
may kawangis ng mga baka na lumilibot sa palibot, na
sangpung siko, na nakaligid sa palibot ng dagatdagatan.
Ang mga baka ay dalawang hanay, na binubo nang bubuin

yaon. 4 Nakapatong ang dagatdagatan sa labing dalawang
baka, tatlo'y nakaharap sa dakong hilagaan, at tatlo'y
nakaharap sa dakong kalunuran, at tatlo'y nakaharap sa
dakong timugan, at tatlo'y nakaharap sa dakong silanganan:
at ang dagatdagatan ay napapatong sa mga yaon sa ibabaw,
at lahat nilang puwitan ay nasa dakong loob. 5 At ang
kapal ng dagatdagatan ay isang dangkal; at ang labi niyao'y
yaring gaya ng labi ng isang saro, gaya ng bulaklak ng lila:
naglalaman ng tatlong libong bath. 6 Siya nama'y gumawa
ng sangpung hugasan, at inilagay ang lima sa kanan, at
lima sa kaliwa, upang paghugasan: na ang mga bagay na
nauukol sa handog na susunugin ay hinugasan doon: nguni't
ang dagatdagatan ay upang paghugasan ng mga saserdote.
7 At siya'y gumawa ng sangpung kandelero na ginto ayon sa
ayos tungkol sa mga yaon; at inilagay niya sa templo, na lima
sa kanan, at lima sa kaliwa. 8 Gumawa rin naman siya ng
sangpung dulang, at inilagay sa templo, na lima sa dakong
kanan, at lima sa kaliwa. At siya'y gumawa ng isang daang
mangkok na ginto. 9 Bukod dito'y ginawa niya ang looban
ng mga saserdote, at ang malaking looban, at ang mga
pinto na ukol sa looban at binalot ng tanso ang mga pinto
ng mga yaon. 10 At kaniyang inilagay ang dagatdagatan
sa dakong kanan ng bahay sa may dakong silanganan na
gawing timugan. 11 At ginawa ni Hiram ang mga palayok, at
ang mga pala, at ang mga mangkok. Gayon tinapos ni Hiram
ang paggawa ng gawain na ginawa niya na ukol sa haring
Salomon sa bahay ng Dios: 12 Ang dalawang haligi, at ang
mga kabilugan, at ang dalawang kapitel na nasa dulo ng
mga haligi, at ang dalawang yaring lambat na nagsisitakip
sa dalawang kabilugan ng mga kapitel na nangasa dulo ng
mga haligi; 13 At ang apat na raang granada na ukol sa
dalawang yaring lambat; dalawang hanay na granada na
ukol sa bawa't yaring lambat, upang tumakip sa dalawang
kabilugan ng mga kapitel na nangasa dulo ng mga haligi. 14
Ginawa rin niya ang mga tungtungan, at ang mga hugasan
ay ginawa niya sa ibabaw ng mga tungtungan; 15 Isang
dagatdagatan, at ang labing dalawang baka ay sa ilalim
niyaon. 16 Ang mga palayok naman, at ang mga pala, at
ang mga pangduro, at lahat ng kasangkapan niyaon, ay
ginawa ni Hiram na kaniyang ama para sa haring Salomon
na ukol sa bahay ng Panginoon na tansong binuli. 17 Sa
kapatagan ng Jordan binubo ng hari, sa malagkit na lupa
sa pagitan ng Suchot at ng Sereda. 18 Ganito ginawa ni
Salomon ang lahat na kasangkapang ito na totoong sagana;
sapagka't ang timbang ng tanso ay hindi makukuro. 19 At
ginawa ni Salomon ang lahat na kasangkapan na nangasa
bahay ng Dios, ang gintong dambana rin naman, at ang
mga dulang na kinaroroonan ng tinapay na handog; 20 At
ang mga kandelero na kalakip ng mga ilawan niyaon, na
mga paniningasan ayon sa ayos sa harap ng sanggunian,
na taganas na ginto; 21 At ang mga bulaklak, at ang mga
ilawan at ang mga gunting, na ginto, at yao'y dalisay na
ginto; 22 At ang mga gunting, at ang mga mangkok, at ang
mga panandok, at ang mga pangsuob, na taganas na ginto:
at tungkol sa pasukan ng bahay, ang mga pinakaloob na
pinto niyaon na ukol sa kabanalbanalang dako, at ang mga
pinto ng bahay, ng templo, ay ginto.

**5** Ganito natapos ang gawaing ginawa ni Salomon sa bahay
ng Panginoon. At ipinasok ni Salomon ang mga bagay na
itinalaga ni David na kaniyang ama; sa makatuwid baga'y
ang pilak, at ang ginto, at ang lahat ng mga kasangkapan, at
inilagay sa mga ingatang-yaman ng bahay ng Dios. 2 Nang
magkagayo'y pinulong ni Salomon ang mga matanda ng
Israel, at ang lahat na pangulo ng mga lipi, ang mga prinsipe
ng mga sangbahayan ng mga magulang ng mga anak ni
Israel, sa Jerusalem, upang iahon ang kaban ng tipan ng
Panginoon mula sa bayan ni David na siyang Sion. 3 At
ang lahat na lalake ng Israel ay nangakipagpulong sa hari
sa kapistahan, na sa ikapitong buwan. 4 At ang lahat ng
mga matanda sa Israel ay nagsiparoon; at pinasan ng mga
Levita ang kaban; 5 At kanilang iniahon ang kaban, at ang
tabernakulo ng kapisanan, at ang lahat ng mga banal na
kasangkapan na nangasa Tolda; ang mga ito'y iniahon ng
mga saserdote na mga Levita. 6 At ang haring Salomon at
ang buong kapisanan ng Israel, na nangakipagpulong sa
kaniya, ay nangasa harap ng kaban na nagsisipaghain ng
mga tupa at mga baka, na hindi masasaysay o mabibilang
man dahil sa karamihan. 7 At ipinasok ng mga saserdote
ang kaban ng tipan ng Panginoon sa dako niyaon, sa
loob ng sanggunian ng bahay, sa kabanalbanalang dako,
sa makatuwid baga'y sa ilalim ng mga pakpak ng mga
querubin. 8 Sapagka't ibinubuka ng mga querubin ang
kanilang mga pakpak sa dako ng kaban, at ang mga querubin
ay nagsisitakip sa kaban, at sa mga pingga niyaon sa
ibabaw. 9 At ang mga pingga ay nangapakahaba na ang
mga dulo ng mga pingga ay nakikita mula sa kaban sa
harap ng sanggunian: nguni't hindi nangakikita sa labas: at
nandoon hanggang sa araw na ito. 10 Walang anomang
bagay sa kaban liban sa dalawang tapyas na bato na inilagay
ni Moises sa Horeb, nang ang Panginoon ay nakipagtipan
sa mga anak ni Israel, nang sila'y magsilabas sa Egipto.
11 At nangyari, nang ang mga saserdote ay magsilabas
sa banal na dako (sapagka't ang lahat na saserdote na
nangahaharap ay nangagpakabanal, at hindi sinunod ang
kanilang pagkakahalihalili; 12 Ang mga Levita rin naman
na mga mangaawit, silang lahat, sa makatuwid baga'y si
Asaph, si Heman, si Jeduthun, at ang kanilang mga anak,
at ang kanilang mga kapatid na may suot na mainam na

kayong lino, na may mga simbalo at mga salterio at mga
alpa, ay nangakatayo sa dakong sulok na silanganan ng
dambana, at kasama nila'y isang daan at dalawang pung
saserdote na nagpapatunog ng mga pakakak: ) **13** Nangyari
nga, nang ang mga nangagpapakakak at mga mangaawit ay
nangagkakatugma, upang mangagpatunog ng isang tunog
na maririnig sa pagdalangin at pasasalamat sa Panginoon;
at nang kanilang itaas ang kanilang tinig na katugma ng mga
pakakak, at mga simbalo, at mga panugtog ng tugtugin at
magsipuri sa Panginoon, na magsipagsabi, Sapagka't siya'y
mabuti; sapagka't ang kaniyang kaawaan ay magpakailan
man: na nang magkagayo'y ang bahay ay napuno ng
ulap; sa makatuwid bagay ang bahay ng Panginoon, **14**
Na anopa't ang mga saserdote ay hindi mangakatayo na
mangakapangasiwa dahil sa ulap: sapagka't napuno ng
kaluwalhatian ng Panginoon ang bahay ng Dios.

**6** Nang magkagayo'y nagsalita si Salomon, Ang Panginoo'y
nagsabi na siya'y tatahan sa salimuot na kadiliman, **2**
Nguni't ipinagtayo kita ng isang bahay na tahanan, at isang
dako na ukol sa iyo na tahanan magpakailan man. **3** At
ipinihit ng hari ang kaniyang mukha, at binasbasan ang
buong kapisanan ng Israel: at ang buong kapisanan ng Israel
ay tumayo. **4** At kaniyang sinabi, Purihin ang Panginoon, ang
Dios ng Israel, na nagsalita ng kaniyang bibig kay David na
aking ama, at tinupad ng kaniyang mga kamay, na sinasabi,
**5** Mula sa araw na aking ilabas ang aking bayan mula sa
lupain ng Egipto, hindi ako pumili ng siyudad mula sa lahat
ng mga lipi ng Israel upang pagtayuan ng bahay, upang ang
aking pangalan ay dumoon; o pumili man ako ng sinomang
lalake upang maging pangulo sa aking bayang Israel: **6**
Kundi aking pinili ang Jerusalem upang ang aking pangalan
ay dumoon; aking pinili si David upang mamahala sa aking
bayang Israel. **7** Nasa puso nga ni David na aking ama ang
ipagtayo ng isang bahay ang pangalan ng Panginoon, ang
Dios ng Israel. **8** Nguni't sinabi ng Panginoon kay David na
aking ama, Yamang nasa iyong puso ang ipagtayo ng isang
bahay ang aking pangalan, mabuti ang iyong ginawa na
inakala mo sa iyong puso; **9** Gayon ma'y hindi mo itatayo
ang bahay; kundi ang iyong anak na lalabas sa iyong mga
balakang ay siyang magtatayo ng bahay na ukol sa aking
pangalan. **10** At tinupad ng Panginoon ang kaniyang salita
na kaniyang sinalita; sapagka't ako'y bumangon na kahalili
ni David na aking ama, at umupo sa luklukan ng Israel, gaya
ng ipinangako ng Panginoon, at nagtayo ako ng bahay na
ukol sa pangalan ng Panginoon, ng Dios ng Israel. **11** At
doo'y aking inilagay ang kaban na kinaroroonan ng tipan
ng Panginoon, na kaniyang ginawa sa mga anak ni Israel.
**12** At siya'y tumayo sa harap ng dambana ng Panginoon
sa harapan ng buong kapisanan ng Israel, at iniunat ang
kaniyang mga kamay: **13** (Sapagka't gumawa si Salomon ng
isang tungtungang tanso, na may limang siko ang haba,
at limang siko ang luwang, at tatlong siko ang taas, at
inilagay sa gitna ng looban; at sa ibabaw niyao'y tumayo
siya, at lumuhod ng kaniyang mga tuhod sa harap ng buong
kapisanan ng Israel, at iginawad ang kaniyang mga kamay
sa dakong langit: ) **14** At kaniyang sinabi, Oh Panginoon ang
Dios ng Israel, walang Dios na gaya mo, sa langit o sa lupa;
na nagiingat ng tipan at ng kaawaan sa iyong mga lingkod,
na nagsisilakad sa harap mo ng kanilang buong puso: **15** Na
siyang tumupad sa iyong lingkod na kay David na aking
ama, ng iyong ipinangako sa kaniya: oo, ikaw ay nagsalita
ng iyong bibig, at tinupad mo ng iyong kamay, gaya sa araw
na ito. **16** Ngayon nga, Oh Panginoon, ang Dios ng Israel,
tuparin mo sa iyong lingkod na kay David na aking ama
ang iyong ipinangako sa kaniya, na iyong sinasabi, Hindi
magkukulang sa iyo ng lalake sa aking paningin na uupo sa
luklukan ng Israel; kung ang iyong mga anak lamang ay
magsisipagingat ng kanilang lakad, na magsisilakad sa aking
kautusan, gaya ng inilakad mo sa harap ko. **17** Ngayon nga,
Oh Panginoon, ang Dios ng Israel, papangyarihin mo ang
iyong salita na iyong sinalita sa iyong lingkod na kay David.
**18** Nguni't katotohanan bang ang Dios ay tatahang kasama
ng mga tao sa lupa? narito, sa langit, at sa langit ng mga
langit ay hindi ka magkasiya; gaano pa nga sa bahay na
ito na aking itinayo! **19** Gayon ma'y iyong pakundanganan
ang dalangin ng iyong lingkod, at ang kaniyang samo, Oh
Panginoon kong Dios, na dinggin ang daing at ang dalangin
na idinadalangin ng iyong lingkod sa harap mo: **20** Na
anopa't ang iyong mga mata ay idilat sa dako ng bahay na
ito araw at gabi, sa makatuwid baga'y sa gawi ng dakong
iyong pinagsabihan na iyong ilalagay ang iyong pangalan
doon: upang dinggin ang dalangin na idadalangin ng iyong
lingkod sa dakong ito. **21** At dinggin mo ang mga samo
ng iyong lingkod, at ng iyong bayang Israel, pagka sila'y
dadalangin sa gawi ng dakong ito: oo, dinggin mo mula sa
iyong tahanang dako, sa makatuwid baga'y mula sa langit; at
pagka iyong narinig ay patawarin mo. **22** Kung ang isang tao
ay magkasala laban sa kaniyang kapuwa, at papanumpain
siya upang siya'y sumumpa, at siya'y pumarito at manumpa
sa harap ng iyong dambana sa bahay na ito: **23** Dinggin mo
nga sa langit, at iyong gawin, at hatulan mo ang iyong mga
lingkod, na papagbayarin ang masama, upang iyong dalhin
ang kaniyang lakad sa kaniyang sariling ulo: at patotohanan
ang matuwid, upang bigyan siya ng ayon sa kaniyang
katuwiran. **24** At kung ang iyong bayang Israel ay masaktan
sa harap ng kaaway, dahil sa sila'y nagkasala laban sa iyo,
at magbabalik-loob, at kikilalanin ang iyong pangalan, at
mananalangin at mamamanhik sa harap mo sa bahay na

ito: **25** Dinggin mo nga sa langit, at ipatawad mo ang sala
ng iyong bayang Israel, at dalhin mo sila uli sa lupain na
iyong ibinigay sa kanila at sa kanilang mga magulang. **26**
Pagka ang langit ay nasarhan, at walang ulan, dahil sa sila'y
nagkasala laban sa iyo: kung sila'y dumalangin sa gawi
ng dakong ito, at kilalanin ang iyong pangalan, at talikdan
ang kanilang kasalanan, pagka iyong pinagdadalamhati
sila: **27** Dinggin mo nga sa langit, at ipatawad mo ang
kasalanan ng iyong mga lingkod, at ng iyong bayang Israel,
pagka iyong tinuturuan sila ng mabuting daan na kanilang
lalakaran; at hulugan mo ng ulan ang iyong lupain na iyong
ibinigay sa iyong bayan na pinakamana. **28** Kung magkaroon
ng kagutom sa lupain, kung magkaroon ng salot, kung
magkaroon ng pagkalanta o amag, balang o tipaklong; kung
kubkubin sila ng kanilang mga kaaway sa lupain ng kanilang
mga bayan; anomang salot o anomang sakit na magkaroon;
**29** Anomang dalangin at samo na gawin ng sinomang tao, o
ng iyong buong bayang Israel, pagka makikilala ng bawa't
isa ang kaniyang sariling salot at ang kaniyang sariling sakit,
at igagawad ang kaniyang mga kamay sa dako ng bahay na
ito: **30** Dinggin mo nga sa langit na iyong tahanang dako, at
iyong ipatawad, at gantihin mo ang bawa't tao, ng ayon sa
lahat niyang mga lakad, na ang puso ay iyong natataho:
(sapagka't ikaw, sa makatuwid baga'y ikaw lamang, ang
nakatataho ng mga puso ng mga anak ng mga tao; ) **31**
Upang sila'y mangatakot sa iyo, upang magsilakad sa iyong
mga daan, samantalang sila'y nangabubuhay sa lupain na
iyong ibinigay sa aming mga magulang. **32** Bukod dito'y
tungkol sa taga ibang lupa, na hindi sa iyong bayang Israel,
pagka siya'y magbubuhat sa isang malayong lupain dahil sa
iyong dakilang pangalan, at sa iyong makapangyarihang
kamay, at sa iyong unat na bisig; pagka sila'y magsisiparito
at magsisidalangin sa dako ng bahay na ito: **33** Dinggin mo
nga sa langit, sa makatuwid baga'y sa iyong tahanang dako,
at gawin mo ang ayon sa lahat na itawag sa iyo ng taga
ibang lupa; upang makilala ng lahat ng mga bayan sa lupa
ang iyong pangalan, at mangatakot sa iyo, na gaya ng iyong
bayang Israel, at upang kanilang makilala na ang bahay
na ito na aking itinayo ay tinatawag sa pamamagitan ng
iyong pangalan. **34** Kung ang iyong bayan ay lumabas sa
pakikipagbaka laban sa kanilang mga kaaway, saan mo man
sila suguin, at manalangin sa iyo sa dako ng bayang ito
na iyong pinili, at sa dako ng bahay na aking itinayo na
ukol sa iyong pangalan: **35** Dinggin mo nga sa langit ang
kanilang dalangin at ang kanilang samo, at alalayan mo
ang kanilang usap. **36** Kung sila'y magkasala laban sa iyo,
(sapagka't walang tao na di nagkakasala, ) at ikaw ay magalit
sa kanila, at ibigay mo sila sa kaaway, na anopa't sila'y
dalhing bihag sa isang lupaing malayo o malapit; **37** Gayon
ma'y kung sila'y magbulay sa kanilang sarili sa lupain na
pagdadalhang bihag sa kanila, at magbalik-loob, at sumamo
sa iyo sa lupain ng kanilang pagkabihag, na sasabihin,
Kami ay nangagkasala, kami ay nagsigawa ng kalikuan,
at nagsigawa ng kasamaan; **38** Kung sila'y nangagbalik-
loob sa iyo ng buong puso nila at ng buong kaluluwa nila sa
lupain ng kanilang pagkabihag, saan man sila dalhing bihag,
at manalangin sa dako ng kanilang lupain na iyong ibinigay
sa kanilang mga magulang, at ng bayan na iyong pinili, at sa
dako ng bahay na aking itinayo na ukol sa iyong pangalan:
**39** Dinggin mo nga sa langit, sa makatuwid baga'y sa iyong
tahanang dako, ang kanilang dalangin at ang kanilang mga
pamanhik, at alalayan mo ang kanilang usap; at patawarin
mo ang iyong bayan na nagkasala laban sa iyo. **40** Ngayon,
Oh Dios ko, isinasamo ko sa iyo na iyong idilat ang iyong
mga mata, at pakinggan ng iyong mga pakinig ang dalangin
na gawin sa dakong ito. **41** Ngayon nga'y bumangon ka, Oh
Panginoong Dios, sa iyong pahingahang dako, ikaw, at ang
kaban ng iyong kalakasan: suutan mo ng kaligtasan, Oh
Panginoong Dios, ang iyong mga saserdote, at ang iyong
mga banal ay mangagalak sa kabutihan. **42** Oh Panginoon,
Dios, huwag mong papihitin ang mukha ng iyong pinahiran
ng langis: alalahanin mo ang iyong mga kaawaan kay David
na iyong lingkod.

**7** Nang makatapos nga ng pananalangin si Salomon, ang
apoy ay lumagpak mula sa langit, at sinupok ang handog
na susunugin at ang mga hain; at napuno ng kaluwalhatian
ng Panginoon ang bahay. **2** At ang mga saserdote ay hindi
mangakapasok sa bahay ng Panginoon, sapagka't napuno
ng kaluwalhatian ng Panginoon ang bahay ng Panginoon.
**3** At ang lahat na mga anak ni Israel ay nagsitingin,
nang ang apoy ay lumagpak, at ang kaluwalhatian ng
Panginoon ay nasa bahay; at sila'y nangagpatirapa sa
lupa sa pabimento, at nagsisamba, at nangagpasalamat
sa Panginoon, na nagsisipagsabi, Sapagka't siya'y mabuti;
sapagka't ang kaniyang kaawaan ay magpakailan man.
**4** Nang magkagayo'y ang hari at ang buong bayan ay
naghandog ng hain sa harap ng Panginoon. **5** At ang
haring Salomon ay naghandog ng hain sa dalawangpu't
dalawang libong baka, at isang daan at dalawangpung libong
tupa. Gayon ang hari at ang buong bayan ay nagtalaga
sa bahay ng Dios. **6** At ang mga saserdote ay nagsitayo
ayon sa kanilang mga katungkulan; gayon din ang mga
Levita na may mga panugtog ng tugtugin ng Panginoon, na
ginawa ni David na hari na ipinagpasalamat sa Panginoon,
(sapagka't ang kaniyang kaawaan ay magpakailan man),
nang si David ay dumalangin sa pamamagitan ng kanilang
pangangasiwa: at ang mga saserdote ay nangagpatunog ng
mga pakakak sa harap nila, at ang buong Israel ay tumayo.

7 Bukod dito'y itinalaga ni Salomon ang gitna ng looban na
nasa harap ng bahay ng Panginoon; sapagka't doon niya
inihandog ang mga handog na susunugin, at ang taba ng
mga handog tungkol sa kapayapaan, sapagka't ang tansong
dambana na ginawa ni Salomon ay hindi makakaya sa
handog na susunugin, at sa handog na harina, at sa taba. 8
Sa gayo'y ipinagdiwang ang kapistahan nang panahong
yaon na pitong araw, ni Salomon, at ng buong Israel na
kasama niya, ng totoong malaking kapisanan, mula sa
pasukan sa Hamath hanggang sa batis ng Egipto. 9 At
sa ikawalong araw ay nagsipagdiwang sila ng dakilang
kapulungan: sapagka't kanilang iningatan ang pagtatalaga
sa dambana na pitong araw, at ang kapistahan ay pitong
araw. 10 At sa ikadalawangpu't tatlong araw ng ikapitong
buwan, ay kaniyang pinauwi ang bayan sa kanilang mga
tolda, na galak at may masayang puso dahil sa kabutihan na
ipinakita ng Panginoon kay David, at kay Salomon, at sa
Israel na kaniyang bayan. 11 Ganito tinapos ni Salomon
ang bahay ng Panginoon, at ang bahay ng hari: at lahat
na isinaloob ni Salomon gawin sa bahay ng Panginoon,
at sa kaniyang sariling bahay, ay nagkawakas ng mabuti.
12 At ang Panginoon ay napakita kay Salomon sa gabi,
at sinabi sa kaniya, Aking narinig ang iyong dalangin, at
pinili ko ang dakong ito sa aking sarili na pinakabahay na
hainan. 13 Kung aking sarhan ang langit na anopa't huwag
magkaroon ng ulan, o kung aking utusan ang balang na
lamunin ang lupain, o kung ako'y magsugo ng salot sa gitna
ng aking bayan; 14 Kung ang aking bayan na tinatawag
sa pamamagitan ng aking pangalan ay magpakumbaba
at dumalangin, at hanapin ang aking mukha, at talikuran
ang kanilang masamang mga lakad; akin ngang didinggin
sa langit, at ipatatawad ko ang kanilang kasalanan, at
pagagalingin ko ang kanilang lupain. 15 Ngayo'y ang aking
mga mata ay didilat, at ang aking pakinig ay makikinig, sa
dalangin na gagawin sa dakong ito. 16 Sapagka't ngayon
ay aking pinili at itinalaga ang bahay na ito, upang ang
aking pangalan ay dumoon magpakailan man; at ang aking
mga mata at ang aking puso ay doroong palagi. 17 At
tungkol sa iyo, kung ikaw ay lalakad sa harap ko, gaya
ng inilakad ni David na iyong ama, at iyong gagawin ang
ayon sa lahat na aking iniutos sa iyo, at iyong iingatan ang
aking mga palatuntunan at ang aking mga kahatulan; 18
Akin ngang itatatag ang luklukan ng iyong kaharian ayon sa
aking itinipan kay David na iyong ama, na sinasabi, Hindi
magkukulang sa iyo ng lalake na magpupuno sa Israel. 19
Nguni't kung kayo ay magsisihiwalay, at iiwan ninyo ang
aking mga palatuntunan, at ang aking mga utos na aking
inilagay sa harap ninyo, at magsisiyaon at magsisipaglingkod
sa ibang mga dios, at magsisisamba sa kanila: 20 Akin
ngang bubunutin sila sa aking lupain na aking ibinigay sa
kanila; at ang bahay na ito na aking itinalaga para sa aking
pangalan, at iwawaksi ko sa aking paningin, at gagawin kong
isang kawikaan, at isang kakutyaan sa gitna ng lahat ng mga
bayan. 21 At ang bahay na ito na totoong mataas, bawa't
magdaan sa kaniya'y magtataka, at magsasabi, Bakit ginawa
ng Panginoon ang ganito sa lupaing ito, at sa bahay na ito?
22 At sila'y magsisisagot, Sapagka't kanilang pinabayaan
ang Panginoon, ang Dios ng kanilang mga magulang na
naglabas sa kanila sa lupain ng Egipto, at nanghawak sa
ibang mga dios at sinamba nila, at pinaglingkuran nila: kaya't
kaniyang dinala ang lahat na kasamaang ito sa kanila.

8 At nangyari, sa katapusan ng dalawangpung taon na
ipinagtayo ni Salomon ng bahay ng Panginoon, at ng
kaniyang sariling bahay. 2 Na ang mga bayan na ibinigay ni
Hiram kay Salomon, mga itinayo ni Salomon, at pinatahan
doon ang mga anak ni Israel. 3 At si Salomon ay naparoon
sa Hamath-soba, at nanaig laban doon. 4 At kaniyang
itinayo ang Tadmor sa ilang, at lahat na bayan na imbakan
na kaniyang itinayo sa Hamath. 5 Itinayo rin niya ang Bet-
horon sa itaas, at ang Bet-horon sa ibaba, na mga bayang
nakukutaan, na may mga kuta, mga pintuang-bayan, at mga
halang; 6 At ang Baalath at ang lahat na bayan na imbakan
na tinatangkilik ni Salomon, at lahat na bayan na ukol sa
kaniyang mga karo, at ang mga bayan na ukol sa kaniyang
mga mangangabayo, at lahat na ninasa ni Salomon, na itayo
para sa kaniyang kasayahan sa Jerusalem, at sa Libano, at
sa buong lupain ng kaniyang sakop. 7 Tungkol sa buong
bayan na naiwan sa mga Hetheo, at mga Amorrheo, at
mga Perezeo, at mga Heveo, at mga Jebuseo, na hindi sa
Israel; 8 Ang kanilang mga anak na naiwan pagkamatay
nila sa lupain na hindi nilipol ng mga anak ni Israel, ay sa
kanila naglagay si Salomon ng mangaatag na mga alipin,
hanggang sa araw na ito. 9 Nguni't sa mga anak ni Israel ay
walang ginawang alipin si Salomon sa kaniyang gawain;
kundi sila'y mga lalaking mangdidigma, at mga pinuno sa
kaniyang mga pinunong kawal, at mga pinuno sa kaniyang
mga karo, at sa kaniyang mga mangangabayo. 10 At ito ang
mga pangulong pinuno ng haring Salomon, na dalawang
daan at limang pu na nagpupuno sa bayan. 11 At iniahon
ni Salomon ang anak na babae ni Faraon mula sa bayan
ni David hanggang sa bahay na kaniyang itinayo na ukol
sa kaniya; sapagka't kaniyang sinabi, Hindi tatahan ang
aking asawa sa bahay ni David na hari sa Israel, sapagka't
ang mga dako ay banal na pinagpasukan sa kaban ng
Panginoon. 12 Nang magkagayo'y naghandog si Salomon
sa Panginoon ng mga handog na susunugin, sa dambana
ng Panginoon, na kaniyang itinayo sa harap ng portiko, 13
Sa makatuwid baga'y ayon sa kailangan sa bawa't araw,

na naghahandog ayon sa utos ni Moises, sa mga sabbath,
at sa mga bagong buwan, at sa mga takdang kapistahan,
na makaitlo sa isang taon, sa kapistahan ng tinapay na
walang lebadura, at sa kapistahan ng mga sanglinggo, at
sa kapistahan ng mga balag. **14** At siya'y naghalal, ayon
sa utos ni David na kaniyang ama ng mga bahagi ng mga
saserdote sa kanilang paglilingkod, at ng mga Levita sa
kanilang mga katungkulan upang mangagpuri, at upang
mangasiwa sa harap ng mga saserdote, ayon sa kailangan
ng katungkulan sa bawa't araw: ang mga tagatanod-pinto
naman ayon sa kanilang mga bahagi sa bawa't pintuang-
daan: sapagka't gayon ang iniutos ni David na lalake ng
Dios. **15** At sila'y hindi nagsihiwalay sa utos ng hari sa
mga saserdote at mga Levita tungkol sa anomang bagay, o
tungkol sa mga kayamanan. **16** Ang lahat ngang gawain
ni Salomon ay nahanda sa araw ng pagtatayo ng bahay
ng Panginoon, at hanggang sa natapos. Sa gayo'y nayari
ang bahay ng Panginoon. **17** Nang magkagayo'y naparoon
si Salomon sa Ezion-geber, at sa Eloth, sa tabi ng dagat
sa lupain ng Edom. **18** At nagpadala sa kaniya si Hiram
ng mga sasakyang dagat sa pamamagitan ng kamay ng
kaniyang mga bataan, at mga bataan na bihasa sa dagat; at
sila'y nagsiparoon sa Ophir na kasama ng mga bataan ni
Salomon, at nagsipagdala mula roon ng apat na raan at
limangpung talentong ginto, at dinala sa haring Salomon.

**9** At nang mabalitaan ng reina sa Seba ang kabantugan ni
Salomon, siya'y naparoon upang subukin si Salomon, sa
mga mahirap na tanong sa Jerusalem, na may maraming
kaakbay, at mga kamelyo na may pasang mga espesia,
at ginto na sagana, at mga mahalagang bato: at nang
siya'y dumating kay Salomon, kaniyang inihinga sa kaniya
ang lahat na laman ng kaniyang dibdib. **2** At isinaysay ni
Salomon sa kaniya ang lahat niyang tanong: at walang
bagay na nalingid kay Salomon na hindi niya isinaysay sa
kaniya. **3** At nang makita ng reina sa Seba ang karunungan
ni Salomon, at ang bahay na kaniyang itinayo. **4** At ang
pagkain sa kaniyang dulang, at ang pagkaayos ng kaniyang
mga alila, at ang tayo ng kaniyang mga tagapaglingkod,
at ang kanilang mga pananamit, gayon din ang kaniyang
mga tagahawak ng saro, at ang kanilang mga pananamit;
at ang kaniyang sampahan na kaniyang sinasampahan sa
bahay ng Panginoon: nawalan siya ng loob. **5** At sinabi niya
sa hari, Tunay na balita ang aking narinig sa aking sariling
lupain tungkol sa iyong mga gawa, at sa iyong karunungan.
**6** Gayon ma'y hindi ko pinaniwalaan ang kanilang mga salita
hanggang sa ako'y dumating, at nakita ng aking mga mata:
at, narito, ang kalahati ng kalakhan ng iyong karunungan ay
hindi nasaysay sa akin: ikaw ay humigit sa kabantugan na
aking narinig. **7** Mapapalad ang iyong mga tao, at mapapalad
itong iyong mga lingkod, na nagsisitayong palagi sa harap
mo, at nangakakarinig ng iyong karunungan. **8** Purihin ang
Panginoon mong Dios, na nalulugod sa iyo, na inilagay
ka sa kaniyang luklukan, upang maging hari na ukol sa
Panginoon mong Dios: sapagka't minamahal ng iyong Dios
ang Israel, upang itatag magpakailan man, kaya't ginawa ka
niyang hari sa kanila, upang magsagawa ng kahatulan at ng
katuwiran. **9** At siya'y nagbigay sa hari ng isang daan at
dalawangpung talentong ginto, at mga espesia na totoong
sagana, at mga mahalagang bato: ni nagkaroon pa man ng
gayong espesia na gaya ng ibinigay ng reina sa Seba sa
haring Salomon. **10** At ang mga bataan naman ni Hiram,
at ang mga bataan ni Salomon, na nagsipagdala ng ginto
mula sa Ophir, nagsipagdala ng mga kahoy na algum at
mga mahalagang bato. **11** At ginawang mga hagdanan ng
hari ang mga kahoy na algum sa bahay ng Panginoon, at
sa bahay ng hari, at mga alpa, at mga salterio na ukol sa
mga mangaawit: at wala nang nakita pang gaya niyaon sa
lupain ng Juda. **12** At ang haring Salomon ay nagbigay sa
reina sa Seba ng lahat niyang nasa, anomang hiningi niya,
bukod sa timbang ng kaniyang dinala sa hari. Sa gayo'y
siya'y bumalik, at umuwi sa kaniyang sariling lupain, siya at
ang kaniyang mga lingkod. **13** Ang timbang nga ng ginto na
dumating kay Salomon sa isang taon ay anim na raan at
anim na pu't anim na talentong ginto, **14** Bukod doon sa
dinala ng mga manglalako at mga mangangalakal; at ang
lahat na hari sa Arabia at ang mga tagapamahala sa lupain
ay nagsipagdala ng ginto at pilak kay Salomon. **15** At ang
haring Salomon ay gumawa ng dalawang daang kalasag
na pinukpok na ginto: anim na raang siklo na pinukpok na
ginto ang ginamit sa bawa't kalasag. **16** At siya'y gumawa ng
tatlong daang kalasag na pinukpok na ginto; tatlong daang
siklo na ginto ang ginamit sa bawa't kalasag: at inilagay ng
hari sa bahay na kahoy sa gubat ng Libano. **17** Bukod dito'y
gumawa ang hari ng isang malaking luklukang garing, at
binalot ng taganas na ginto. **18** At may anim na baytang sa
luklukan, at isang gintong tungtungan, na mga nakakapit sa
luklukan, at may mga pinakakamay sa bawa't tagiliran sa
siping ng dako ng upuan, at dalawang leon ang nakatayo sa
siping ng mga pinakakamay. **19** At labing dalawang leon
ang nakatayo roon sa isang dako at sa kabilang dako sa
ibabaw ng anim na baytang: walang nagawang gayon sa
alinmang kaharian. **20** At ang lahat na sisidlang inuman
ni Salomon ay ginto, at ang lahat ng sisidlan sa bahay
na kahoy sa gubat ng Libano ay taganas na ginto; ang
pilak ay hindi mahalaga sa mga kaarawan ni Salomon. **21**
Sapagka't ang hari ay may mga sasakyan na nagsisiparoon
sa Tharsis na kasama ng mga bataan ni Hiram: minsan
sa bawa't tatlong taon ay dumarating ang mga sasakyang

dagat ng Tharsis, na nagsisipagdala ng ginto, at pilak,
garing, at mga ungoy, at mga pabo real. 22 Sa gayo'y ang
haring Salomon ay humihigit sa lahat ng hari sa lupa, sa
kayamanan at sa karunungan. 23 At hinanap ng lahat na
hari sa lupa ang harapan ni Salomon, upang magsipakinig
ng kaniyang karunungan, na inilagay ng Dios sa kaniyang
puso. 24 At sila'y nagsipagdala bawa't isa ng kanikaniyang
kaloob, na mga sisidlang pilak, at mga sisidlang ginto, at
damit, sandata, at mga espesia, mga kabayo, at mga mula,
isang takdang kayamanan sa taon-taon. 25 At si Salomon
ay may apat na libong silungan ng kabayo at mga karo, at
labing dalawang libong mangangabayo, na kaniyang mga
inilagay sa mga bayan ng mga karo, at kasama ng hari sa
Jerusalem. 26 At siya'y nagpuno sa lahat ng mga hari mula
sa Ilog hanggang sa lupain ng mga Filisteo, at sa hangganan
ng Egipto. 27 At ginawa ng hari na maging parang mga bato
ang pilak sa Jerusalem, at ang mga sedro ay ginawa niyang
maging parang mga puno ng sikomoro na nasa mababang
lupa, dahil sa kasaganaan. 28 At sila'y nagsipagdala ng mga
kabayo kay Salomon mula sa Egipto, at mula sa lahat ng
mga lupain. 29 Ang iba nga sa mga gawa ni Salomon, na
una at huli, di ba nangasusulat sa kasaysayan ni Nathan na
propeta, at sa panghuhula ni Ahias na Silonita, at sa mga
pangitain ni Iddo na tagakita tungkol kay Jeroboam na anak
ni Nabat? 30 At si Salomon ay naghari sa Jerusalem sa
buong Israel na apat na pung taon. 31 At natulog si Salomon
na kasama ng kaniyang mga magulang, at siya'y nalibing sa
bayan ni David na kaniyang ama: at si Roboam na kaniyang
anak ay naghari na kahalili niya.

**10** At si Roboam ay naparoon sa Sichem: sapagka't ang
buong Israel ay naparoon sa Sichem upang gawin
siyang hari. 2 At nangyari, nang mabalitaan ni Jeroboam
na anak ni Nabat (sapagka't siya'y nasa Egipto, na siya
niyang tinakasan mula sa harap ng haring Salomon, ) na si
Jeroboam ay bumalik mula sa Egipto. 3 At sila'y nangagsugo
at ipinatawag nila siya; at si Jeroboam at ang buong Israel
ay nagsiparoon, at sila'y nagsipagsalita kay Roboam, na
nagsisipagsabi, 4 Pinabigat ng iyong ama ang atang sa amin:
ngayon nga'y pagaanin mo ang mabigat na paglilingkod sa
iyong ama, at ang mabigat niyang atang na iniatang niya
sa amin, at kami ay magsisipaglingkod sa iyo. 5 At sinabi
niya sa kanila, Magsiparito uli kayo sa akin pagkatapos ng
tatlong araw. At ang bayan ay yumaon. 6 At ang haring
Roboam ay kumuhang payo sa mga matanda na nagsitayo
sa harap ni Salomon na kaniyang ama samantalang siya'y
nabubuhay pa, na sinasabi, Anong payo ang ibinibigay ninyo
sa akin upang magbalik ng sagot sa bayang ito? 7 At sila'y
nagsipagsalita sa kaniya, na nagsisipagsabi, Kung ikaw ay
magmagandang loob sa bayang ito, at iyong pagbigyang
loob sila, at magsalita ng mga mabuting salita sa kanila, iyo
ngang magiging lingkod sila magpakailan man. 8 Nguni't
iniwan niya ang payo ng mga matanda na kanilang ibinigay
sa kaniya, at kumuhang payo sa mga binata na nagsilaking
kasabay niya, na nagsitayo sa harap niya. 9 At sinabi niya
sa kanila, Anong payo ang ibinibigay ninyo, upang maibalik
nating sagot sa bayang ito, na nagsalita sa akin, na sinasabi,
Pagaanin mo ang atang na iniatang ng iyong ama sa amin?
10 At ang mga binata na nagsilaki na kasabay niya, ay
nagsipagsalita sa kaniya, na nagsisipagsabi, Ganito ang
iyong sasabihin sa bayan na nagsalita sa iyo, na sinasabi,
Pinabigat ng iyong ama ang atang sa amin, nguni't pagaanin
mo sa amin; ganito ang iyong sasabihin sa kanila, Ang
aking kalingkingan ay makapal kay sa mga balakang ng
aking ama. 11 At sa paraan ngang inatangan kayo ng
aking ama ng mabigat na atang, aking dadagdagan pa
ang atang sa inyo: pinarusahan kayo ng aking ama ng
mga panghagupit, nguni't parurusahan ko kayo ng mga
tila alakdan. 12 Sa gayo'y naparoon si Jeroboam at ang
buong bayan kay Roboam sa ikatlong araw, gaya ng iniutos
ng hari na sinasabi, Magsibalik kayo sa akin sa ikatlong
araw. 13 At ang hari ay sumagot sa kanila na may katigasan,
at iniwan ng haring Roboam ang payo ng mga matanda.
14 At nagsalita sa kanila ayon sa payo ng mga binata, na
sinasabi, Pinabigat ng aking ama ang atang sa inyo, nguni't
aking dadagdagan pa: pinarusahan kayo ng aking ama ng
mga panghagupit, nguni't parurusahan ko kayo ng mga
tila alakdan. 15 Sa gayo'y hindi dininig ng hari ang bayan:
sapagka't buhat sa Dios, upang itatag ng Panginoon ang
kaniyang sinalita sa pamamagitan ni Ahias na Silonita kay
Jeroboam na anak ni Nabat. 16 At nang makita ng buong
Israel na hindi sila dininig ng hari, sumagot ang bayan sa
hari, na sinasabi, Anong bahagi mayroon kami kay David?
wala man kaming mana sa anak ni Isai: bawa't tao sa inyo-
inyong tolda, Oh Israel: ngayo'y ikaw ang bahala ng iyong
sariling sangbahayan, David. Sa gayo'y yumaon ang buong
Israel sa kanikanilang tolda. 17 Nguni't tungkol sa mga anak
ni Israel na nagsisitahan sa mga bayan ng Juda, pinagharian
sila ni Roboam. 18 Nang magkagayo'y sinugo ng haring
Roboam si Adoram, na nasa buwisan; at binato siya ng mga
bato ng mga anak ni Israel, na anopa't siya'y namatay. At
ang haring Roboam ay nagmadaling sumampa sa kaniyang
karo, upang tumakas sa Jerusalem. 19 Gayon nanghimagsik
ang Israel laban sa sangbahayan ni David, hanggang sa
araw na ito.

**11** At nang dumating si Roboam sa Jerusalem, kaniyang
pinisan ang sangbahayan ni Juda at ni Benjamin, na
isang daan at walong pung libo na piling mga lalake, na mga
mangdidigma, na magsisilaban sa Israel, upang ibalik ang

kaharian kay Roboam. 2 Nguni't ang salita ng Panginoon ay
dumating kay Semeias na lalake ng Dios, na sinasabi, 3
Salitain mo kay Roboam na anak ni Salomon, na hari sa
Juda, at sa buong Israel sa Juda at Benjamin, na iyong
sabihin, 4 Ganito ang sabi ng Panginoon, Kayo'y huwag
magsisiahon, o magsisilaban man sa inyong mga kapatid:
bumalik ang bawa't lalake sa kaniyang bahay; sapagka't
ang bagay na ito ay sa akin. Sa gayo'y kanilang dininig
ang mga salita ng Panginoon, at umurong ng kanilang
lakad laban kay Jeroboam. 5 At si Roboam ay tumahan sa
Jerusalem, at nagtayo ng mga bayan na pinaka sanggalang
sa Juda. 6 Kaniyang itinayo nga ang Bethlehem, at ang
Etham, at ang Tecoa, 7 At ang Beth-sur, at ang Socho,
at ang Adullam, 8 At ang Gath, at ang Maresa, at ang
Ziph, 9 At ang Adoraim, at ang Lachis, at ang Asecha, 10
At ang Sora, at ang Ajalon, at ang Hebron, na nangasa
Juda at sa Benjamin, na mga bayang nangakukutaan. 11 At
kaniyang pinagtibay ang mga katibayan, at mga nilagyan ng
mga pinunong kawal, at saganang pagkain, at ng langis
at alak. 12 At sa bawa't bayan, siya'y naglagay ng mga
kalasag at mga sibat, at pinatibay niyang mainam ang mga
yaon. At ang Juda at ang Benjamin ay ukol sa kaniya. 13
At ang mga saserdote at mga Levita na nangasa buong
Israel ay napasakop sa kaniya na mula sa kanilang buong
hangganan. 14 Sapagka't iniwan ng mga Levita ang kanilang
mga nayon at ang kanilang pag-aari, at nagsiparoon sa
Juda at Jerusalem: sapagka't pinalayas sila ni Jeroboam
at ng kaniyang mga anak, na huwag nilang gagawin ang
katungkulang pagkasaserdote sa Panginoon; 15 At siya'y
naghalal para sa kaniya ng mga saserdote na ukol sa mga
mataas na dako, at sa mga kambing na lalake, at sa mga
guya na kaniyang ginawa. 16 At pagkatapos nila, yaong
sa lahat ng mga lipi ng Israel na naglagak ng kanilang
puso na hanapin ang Panginoon, ang Dios ng Israel, ay
nagsiparoon sa Jerusalem upang maghain sa Panginoon,
sa Dios ng kanilang mga magulang. 17 Sa gayo'y kanilang
pinagtibay ang kaharian ng Juda, at pinalakas si Roboam na
anak ni Salomon sa tatlong taon: sapagka't sila'y nagsilakad
na tatlong taon sa lakad ni David at ni Salomon. 18 At
nagasawa si Roboam kay Mahalath na anak ni Jerimoth
na anak ni David, at kay Abihail na anak ni Eliab, na anak
ni Isai; 19 At siya'y nagkaanak sa kaniya ng mga lalake;
si Jeus, at si Samaria, at si Zaham. 20 At pagkatapos sa
kaniya ay nagasawa siya kay Maacha na anak ni Absalom;
ipinanganak nito sa kaniya si Abias, at si Athai, at si Ziza, at
si Selomith. 21 At minahal ni Roboam si Maacha na anak ni
Absalom ng higit kay sa lahat ng kaniyang mga asawa at sa
kaniyang mga babae (sapagka't siya'y nagasawa ng labing
walo, at anim na pung babae, at nagkaanak ng dalawang
pu't walong lalake, at anim na pung babae.) 22 At inihalal ni
Roboam si Abias na anak ni Maacha na maging pinuno,
sa makatuwid baga'y prinsipe sa kaniyang mga kapatid:
sapagka't kaniyang inisip na gawin siyang hari. 23 At siya'y
kumilos na may katalinuhan, at kaniyang pinangalat ang
lahat niyang mga anak na nalabi, sa lahat ng lupain ng Juda
at Benjamin, hanggang sa bawa't bayang nakukutaan: at
binigyan niya sila ng pagkaing sagana. At inihanap niya sila
ng maraming asawa.

12 At nangyari, nang matatag ang kaharian ni Roboam
at siya'y malakas, na kaniyang iniwan ang kautusan
ng Panginoon, at ang buong Israel ay kasama niya. 2 At
nangyari nang ikalimang taon ng haring Roboam, na si
Sisac na hari sa Egipto ay umahon laban sa Jerusalem,
sapagka't sila'y nagsisalangsang laban sa Panginoon, 3 Na
may isang libo at dalawang daang karo, at anim na pung
libong mangangabayo. At ang bayan ay walang bilang na
naparoong kasama niya mula sa Egipto; ang mga Lubim, ang
mga Sukim, at ang mga taga Etiopia. 4 At sinupok niya ang
mga bayang nakukutaan na nauukol sa Juda, at naparoon
sa Jerusalem. 5 Si Semeias nga na propeta ay naparoon
kay Roboam, at sa mga prinsipe ng Juda, na pagpipisan sa
Jerusalem dahil kay Sisac, at nagsabi sa kanila, Ganito ang
sabi ng Panginoon, Inyo akong pinabayaan, kaya't iniwan
ko naman kayo sa kamay ni Sisac. 6 Nang magkagayo'y
ang mga prinsipe ng Israel at ang hari ay nagpakababa;
at kanilang sinabi, Ang Panginoon ay matuwid. 7 At nang
makita ng Panginoon na sila'y nangagpakumbaba, ang
salita ng Panginoon ay dumating kay Semeias, na sinasabi,
Sila'y nangagpakumbaba; hindi ko gigibain sila: kundi aking
bibigyan sila ng kaunting pagliligtas, at ang aking galit ay
hindi mabubugso sa Jerusalem sa pamamagitan ng kamay
ni Sisac. 8 Gayon ma'y sila'y magiging kaniyang alipin;
upang kanilang makilala ang paglilingkod sa akin, at ang
paglilingkod sa mga kaharian ng mga lupain. 9 Sa gayo'y
umahon si Sisac na hari sa Egipto laban sa Jerusalem,
at dinala ang mga kayamanan ng bahay ng Panginoon,
at mga kayamanan ng bahay ng hari; kaniyang kinuhang
lahat: kaniyang kinuha pati ng mga kalasag na ginto na
ginawa ni Salomon. 10 At ang haring Roboam ay gumawa
ng mga kalasag na tanso na kahalili ng mga yaon, at
ipinagkatiwala sa mga kamay ng mga punong kawal ng
bantay, na nagsisipagingat ng pintuan ng bahay ng hari.
11 At nangyari, na kung gaanong kadalas pumapasok ang
hari sa bahay ng Panginoon, ang bantay ay naparoroon at
dinadala ang mga yaon, at ibinabalik sa silid ng bantay. 12
At nang siya'y magpakumbaba, ang galit ng Panginoon ay
nahiwalay sa kaniya, na anopa't siya'y hindi lubos na pinatay:
at bukod dito'y may nasumpungan sa Juda na mga mabuting

bagay. 13 Sa gayo'y ang haring Roboam ay nagpakalakas sa
Jerusalem at naghari: sapagka't si Roboam ay may apat na
pu't isang taon nang siya'y magpasimulang maghari, at siya'y
nagharing labing pitong taon sa Jerusalem, na bayang pinili
ng Panginoon sa lahat na lipi ng Israel, upang ilagay ang
kaniyang pangalan doon: at ang pangalan ng kaniyang ina
ay Naama na Ammonita. 14 At siya'y gumawa ng masama,
sapagka't hindi niya inilagak ang kaniyang puso na hanapin
ang Panginoon. 15 Ang mga gawa nga ni Roboam, na una
at huli, di ba nangasusulat sa kasaysayan ni Semeias na
propeta at ni Iddo na tagakita, ayon sa ayos ng mga talaan
ng lahi? At nagkaroong palagi ng mga digmaan si Roboam
at si Jeroboam. 16 At si Roboam ay natulog na kasama ng
kaniyang mga magulang at nalibing sa bayan ni David: at si
Abias na kaniyang anak ay naghari na kahalili niya.

**13** Nang ikalabing walong taon ng haring Jeroboam ay
nagpasimula si Abias na maghari sa Juda. 2 Tatlong
taong naghari siya sa Jerusalem: at ang pangalan ng
kaniyang ina ay Michaia na anak ni Uriel na taga Gabaa.
At nagkaroon ng digmaan si Abias at si Jeroboam. 3 At si
Abias ay nagpisan sa pakikipagbaka ng isang hukbo na
matatapang na lalaking mangdidigma, na apat na raang
libo, na mga piling lalake: at humanay si Jeroboam sa
pakikipagbaka laban sa kaniya na may walong daang libo, na
piling mga lalake, na mga makapangyarihang lalaking may
tapang. 4 At si Abias ay tumayo sa bundok ng Semaraim,
na nasa lupaing maburol ng Ephraim, at nagsabi, Dinggin
ninyo ako, Oh Jeroboam at buong Israel; 5 Hindi ba ninyo
nalalaman na ibinigay ng Panginoon, ng Dios ng Israel, ang
kaharian sa Israel kay David magpakailan man, sa kaniya at
sa kaniyang mga anak, sa pamamagitan ng tipan na asin? 6
Gayon ma'y si Jeroboam na anak ni Nabat, na lingkod ni
Salomon na anak ni David, ay tumindig, at nanghimagsik
laban sa kaniyang panginoon. 7 At napisan sa kaniya ay
mga walang kabuluhang lalake, na mga hamak na tao, na
nangagpakatibay laban kay Roboam na anak ni Salomon,
nang si Roboam ay bata at malumanay na puso, at hindi
makapanaig sa kanila. 8 At ngayo'y inyong inaakalang daigin
ang kaharian ng Panginoon sa kamay ng mga anak ni David;
at kayo'y isang malaking karamihan, at mayroon kayong mga
gintong guya, na ginawang mga dios sa inyo ni Jeroboam. 9
Hindi ba ninyo pinalayas ang mga saserdote ng Panginoon,
na mga anak ni Aaron, at ang mga Levita, at kayo'y naghalal
ng mga saserdote na ayon sa kaugalian ng mga bayan ng
mga ibang lupain? na anopa't sinomang naparoroon upang
tumalaga sa pamamagitan ng isang guyang baka, at pitong
lalaking tupa, yao'y maaaring saserdote sa mga yaon na
hindi mga dios. 10 Nguni't tungkol sa amin, ang Panginoon ay
ang aming Dios, at hindi namin pinabayaan siya; at mayroon
kaming mga saserdote na nagsisipangasiwa sa Panginoon,
ang mga anak ni Aaron, at ang mga Levita sa kanilang
gawain: 11 At sila'y nagsisipagsunog sa Panginoon tuwing
umaga at tuwing hapon ng mga handog na susunugin at ng
mainam na kamangyan: ang tinapay na handog naman ay
inihanay nila sa dulang na dalisay; at ang kandelerong ginto
na may mga ilawan, upang magsipagningas tuwing hapon:
sapagka't aming iningatan ang bilin ng Panginoon naming
Dios; nguni't pinabayaan ninyo siya. 12 At, narito, ang Dios
ay nangungulo sa amin, at ang kaniyang mga saserdote ay
mga may pakakak na panghudyat, upang mangagpatunog
ng hudyat laban sa iyo. Oh mga anak ni Israel, huwag
kayong mangakipaglaban sa Panginoon, sa Dios ng inyong
mga magulang; sapagka't kayo'y hindi magsisiginhawa.
13 Nguni't pinaligid sa likuran nila ni Jeroboam ang isang
kawal na bakay: na anopa't sila'y nangasa harap ng Juda, at
ang bakay ay nasa likuran nila. 14 At nang ang Juda ay
lumingon, narito, ang pagbabaka'y nasa harap at likuran nila:
at sila'y nagsidaing sa Panginoon, at ang mga saserdote ay
nangagpatunog ng mga pakakak. 15 Nang magkagayo'y
nagsihiyaw ang mga lalake ng Juda: at habang nagsisihiyaw
ang mga anak ng Juda, nangyari, na sinaktan ng Dios si
Jeroboam at ang buong Israel sa harap ni Abias at ng Juda.
16 At ang mga anak ni Israel ay nagsitakas sa harap ng Juda:
at ibinigay ng Dios sila sa kanilang kamay. 17 At pinatay sila
ni Abias at ng kaniyang bayan ng malaking pagpatay: sa
gayo'y nangabuwal na patay sa Israel ay limang daang libo
na piling mga lalake. 18 Ganito nangasakop ang mga anak
ni Israel nang panahong yaon, at ang mga anak ni Juda ay
nagsipanaig, sapagka't sila'y nagsitiwala sa Panginoon, sa
Dios ng kanilang mga magulang. 19 At hinabol ni Abias si
Jeroboam, at inagawan siya ng mga bayan, ang Beth-el pati
ng mga nayon niyaon, at ang Jesana pati ng mga nayon
niyaon at ang Ephron pati ng mga nayon niyaon. 20 Na hindi
man nagsauling lakas si Jeroboam uli sa mga kaarawan ni
Abias: at sinaktan siya ng Panginoon at siya'y namatay. 21
Nguni't si Abias ay naging makapangyarihan, at nagasawa
ng labing apat, at nagkaanak ng dalawang pu't dalawang
lalake, at labing anim na babae. 22 At ang iba sa mga gawa
ni Abias, at ang kaniyang mga lakad, at ang kaniyang mga
sabi ay nangakasulat sa kasaysayan ni Iddo na propeta.

**14** Sa gayo'y natulog si Abias na kasama ng kaniyang
mga magulang, at inilibing nila siya sa bayan ni David,
at si Asa na kaniyang anak ay naghari na kahalili niya. Nang
kaniyang mga kaarawan ay tahimik ang lupain na sangpung
taon. 2 At gumawa si Asa ng mabuti at matuwid sa harap ng
mga mata ng Panginoon niyang Dios: 3 Sapagka't kaniyang
inalis ang mga dambana ng iba, at ang mga mataas na dako,
at pinagputolputol ang mga haligi, at ibinagsak ang mga

Asera, 4 At iniutos sa Juda na hanapin ang Panginoon, ang
Dios ng kanilang mga magulang, at tuparin ang kautusan at
ang utos. 5 Kaniya rin namang inalis sa lahat na bayan ng
Juda ang mga mataas na dako at ang mga larawang araw:
at ang kaharian ay tahimik sa harap niya. 6 At siya'y nagtayo
ng mga bayang nakukutaan sa Juda: sapagka't ang lupain
ay tahimik, at siya'y hindi nagkaroon ng pakikipagdigma sa
mga taong yaon; sapagka't binigyan siya ng Panginoon ng
kapahingahan. 7 Sapagka't sinabi niya sa Juda, Itayo natin
ang mga bayang ito, at gawan sa palibot ng mga kuta, at ng
mga moog, ng mga pintuang-bayan, at ng mga halang; ang
lupain ay nasa harap pa natin, sapagka't ating hinahanap
ang Panginoon nating Dios; ating hinanap siya, at binigyan
niya tayo ng kapahingahan sa lahat ng dako. Sa gayo'y
kanilang itinayo at nagsiginhawa. 8 At si Asa ay may isang
hukbo na may dalang mga kalasag at mga sibat, na mula
sa Juda, na tatlong daang libo; at mula sa Benjamin, na
nagdadala ng mga kalasag at nagpapahilagpos ng mga
busog na dalawang daan at walong pung libo: lahat ng
mga ito ay mga makapangyarihang lalake na matatapang.
9 At lumabas laban sa kanila si Zera na taga Etiopia na
may hukbo na isang angaw, at tatlong daang karo; at siya'y
naparoon sa Maresa. 10 Nang magkagayo'y lumabas si
Asa na sumalubong sa kaniya, at sila'y nagsihanay ng
pakikipagbaka sa libis ng Sephata sa Maresa. 11 At si
Asa ay dumaing sa Panginoon niyang Dios, at kaniyang
sinabi, Panginoon, walang iba liban sa iyo na makatutulong,
sa pagitan ng makapangyarihan at niya na walang lakas:
tulungan mo kami, Oh Panginoon naming Dios: sapagka't
kami ay nagsisitiwala sa iyo, at sa iyong pangalan ay kami
nagsisiparito laban sa karamihang ito. Oh Panginoon, ikaw
ay aming Dios; huwag mong panaigin ang tao laban sa iyo.
12 Sa gayo'y sinaktan ng Panginoon ang mga taga Etiopia sa
harap ni Asa, at sa harap ng Juda; at ang mga taga Etiopia
ay nagsitakas. 13 At si Asa at ang bayan na kasama niya ay
nagsihabol sa kanila hanggang sa Gerar: at nangabuwal sa
mga taga Etiopia ang totoong marami, na anopa't sila'y hindi
makabawi, sapagka't sila'y nalansag sa harap ng Panginoon,
at sa harap ng kaniyang hukbo; at sila'y nagsipagdala ng
totoong maraming samsam. 14 At kanilang sinaktan ang
lahat na bayan sa palibot ng Gerar; sapagka't sila'y naratnan
ng takot sa Panginoon; at kanilang sinamsaman ang lahat
na bayan; sapagka't maraming nasamsam sa kanila. 15
Kanila rin namang sinaktan ang mga toldang silungan ng
mga hayop, at nagsipagdala ng mga tupa na sagana, at
mga kamelyo, at nagsibalik sa Jerusalem.

**15** At ang espiritu ng Dios ay suma kay Azarias na anak
ni Obed: 2 At siya'y lumabas na sinalubong si Asa, at
sinabi niya sa kaniya, Dinggin ninyo ako, Asa, at buong Juda
at Benjamin: ang Panginoon ay sumasa inyo samantalang
kayo'y sumasa kaniya: at kung inyong hanapin siya, siya'y
masusumpungan ninyo; nguni't kung pabayaan ninyo siya,
kaniyang pababayaan kayo. 3 Ngayon nga ang Israel ay
malaon nang walang Dios na tunay at walang tagapagturong
saserdote, at walang kautusan: 4 Nguni't nang sa kanilang
kapanglawan ay nagsipagbalik sila sa Panginoon, sa Dios
ng Israel, at hinanap nila siya, siya'y nasumpungan nila. 5 At
nang mga panahong yaon ay walang kapayapaan sa kaniya
na lumabas, o sa kaniya na pumasok, kundi malaking ligalig
ang nangasa lahat ng mga nananahan sa mga lupain. 6
At sila'y nagkapangkatpangkat, bansa laban sa bansa, at
bayan laban sa bayan: sapagka't niligalig sila ng Dios ng
buong kapighatian. 7 Nguni't mangagpakalakas kayo, at
huwag manglata ang inyong mga kamay; sapagka't ang
inyong mga gawa ay gagantihin. 8 At nang marinig ni Asa
ang mga salitang ito, at ang hula ni Obed na propeta, siya'y
lumakas, at inalis ang mga karumaldumal sa buong lupain
ng Juda at ng Benjamin, at sa mga bayan na kaniyang
sinakop sa lupaing maburol ng Ephraim; at kaniyang binago
ang dambana ng Panginoon, na nasa harap ng portiko
ng Panginoon. 9 At kaniyang pinisan ang buong Juda at
Benjamin, at silang mga nakikipamayan na kasama nila
mula sa Ephraim at Manases, at mula sa Simeon; sapagka't
sila'y nagsihilig sa kaniya na mula sa Israel na sagana, nang
kanilang makita na ang Panginoon niyang Dios ay sumasa
kaniya. 10 Sa gayo'y nangagpipisan sila sa Jerusalem sa
ikatlong buwan, sa ikalabing limang taon ng paghahari ni
Asa. 11 At sila'y nagsipaghain sa Panginoon sa araw na
yaon, sa samsam na kanilang dinala, na pitong daang
baka at pitong libong tupa. 12 At sila'y pumasok sa tipan
upang hanapin ang Panginoon, ang Dios ng kanilang mga
magulang, ng kanilang buong puso, at ng kanilang buong
kaluluwa. 13 At sinomang hindi humanap sa Panginoon, sa
Dios ng Israel, ay papatayin, maging maliit o malaki, maging
lalake o babae. 14 At sila'y nagsisumpa sa Panginoon ng
malakas na tinig, at may mga hiyawan, at may mga pakakak,
at may mga patunog. 15 At ang buong Juda ay nagalak sa
sumpa: sapagka't sila'y nagsisumpa ng kanilang buong puso,
at hinanap siya ng buo nilang nasa; at siya'y nasumpungan
sa kanila: at binigyan sila ng Panginoon ng kapahingahan
sa palibot. 16 At si Maacha naman na ina ni Asa na hari,
ay inalis niya sa pagkareina, sapagka't siya'y gumawa ng
nakasusuklam na larawan na pinaka Asera; at pinutol ni
Asa ang kaniyang larawan, at ginawang alabok, at sinunog
sa batis ng Cedron. 17 Nguni't ang mga mataas na dako
ay hindi inalis sa Israel: gayon ma'y ang puso ni Asa ay
sakdal sa lahat ng kaniyang mga kaarawan. 18 At kaniyang
ipinasok sa bahay ng Dios ang mga bagay na itinalaga ng

kaniyang ama, at yaon mang kaniyang itinalaga, na pilak,
at ginto, at mga sisidlan. 19 At nawalan na ng digma sa
ikatatlong pu't limang taon ng paghahari ni Asa.

16 Nang ikatatlong pu't anim na taon ng paghahari ni
Asa, si Baasa na hari sa Israel ay umahon laban sa
Juda, at itinayo ang Rama, upang huwag niyang matiis na
sinoma'y lumabas o pumaroon kay Asa na hari sa Juda. 2
Nang magkagayo'y kumuha si Asa ng pilak, at ginto sa mga
kayamanan ng bahay ng Panginoon, at sa bahay ng hari,
at nagsugo kay Ben-adad, na hari sa Siria, na tumatahan
sa Damasco, na ipinasasabi, 3 May pagkakasundo ako at
ikaw, na gaya ng aking ama at ng iyong ama: narito, ako'y
nagpapadala sa iyo ng pilak at ginto; yumaon ka, sirain mo
ang iyong pakikipagkasundo kay Baasa na hari sa Israel,
upang siya'y lumayas sa akin. 4 At dininig ni Ben-adad
ang haring Asa, at sinugo niya ang mga pinunong kawal
ng kaniyang mga hukbo laban sa mga bayan ng Israel, at
kanilang sinaktan ang Ion, at ang Dan, at ang Abel-maim, at
ang lahat na bayang kamaligan ng Nephtali. 5 At nangyari,
nang mabalitaan ni Baasa, na iniwan niya ang pagtatayo ng
Rama, at ipinatigil ang kaniyang gawa. 6 Nang magkagayo'y
ipinagsama ni Asa na hari ang buong Juda; at kanilang
dinala ang mga bato ng Rama, at ang kahoy niyaon, na
ipinagtayo ni Baasa; at itinayo niya sa pamamagitan niyaon
ang Gibaa at Mizpa. 7 At nang panahong yaon ay naparoon
kay Asa na hari sa Juda si Hanani na tagakita, at nagsabi sa
kaniya, Sapagka't ikaw ay nagtiwala sa hari sa Siria, at hindi
ka nagtiwala sa Panginoon mong Dios, kaya't ang hukbo ng
hari sa Siria ay nagtanan sa iyong kamay. 8 Hindi ba ang
mga taga Etiopia at ang mga Lubim ay makapal na hukbo,
na may mga karo at mangangabayo na totoong marami?
gayon ma'y sapagka't ikaw ay nagtiwala sa Panginoon,
ibinigay sila sa iyong kamay. 9 Sapagka't ang mga mata
ng Panginoon ay nagsisiyasat sa palibot ng buong lupa,
upang pakilala na matibay sa ikagagaling ng mga yaon na
ang puso ay sakdal sa kaniya. Ikaw ay gumawang may
kamangmangan; sapagka't mula ngayo'y magkakaroon ka
ng mga pakikipagdigma. 10 Nang magkagayo'y nagalit
si Asa sa tagakita, at inilagay niya siya sa bilangguan:
sapagka't siya'y nagalit sa kaniya dahil sa bagay na ito.
At pinighati ni Asa ang iba sa bayan nang panahon ding
yaon. 11 At, narito, ang mga gawa ni Asa, na una at
huli, narito, nangakasulat sa aklat ng mga hari sa Juda at
Israel. 12 At nang ikatatlong pu't siyam na taon ng kaniyang
paghahari, si Asa ay nagkasakit sa kaniyang mga paa;
ang kaniyang sakit ay totoong malubha: gayon ma'y sa
kaniyang sakit ay hindi niya hinanap ang Panginoon, kundi
ang mga manggagamot. 13 At si Asa ay natulog na kasama
ng kaniyang mga magulang, at namatay sa ikaapat na pu't
isang taon ng kaniyang paghahari. 14 At inilibing nila siya sa
kaniyang sariling mga libingan, na kaniyang ipinahukay para
sa kaniya sa bayan ni David, at inihiga siya sa higaan na
pinunu ng mga masarap na amoy at sarisaring espesia na
inihanda ng manggagawa ng mga pabango; at ipinagsunog
nila niyaon ng di kawasa.

17 At si Josaphat na kaniyang anak ay naghari, na kahalili
niya, at nagpakalakas laban sa Israel. 2 At siya'y
naglagay ng mga kawal sa lahat ng bayang nakukutaan ng
Juda, at naglagay ng mga pulutong sa lupain ng Juda, at sa
mga bayan ng Ephraim, na sinakop ni Asa sa kaniyang ama.
3 At ang Panginoon ay sumasa kay Josaphat, sapagka't
siya'y lumakad ng mga unang lakad ng kaniyang magulang
na si David, at hindi hinanap ang mga Baal; 4 Kundi hinanap
ang Dios ng kaniyang ama, at lumakad sa kaniyang mga
utos, at hindi ayon sa mga gawa ng Israel. 5 Kaya't itinatag
ng Panginoon ang kaharian sa kaniyang kamay; at ang
buong Juda ay nagdala kay Josaphat ng mga kaloob; at
siya'y nagkaroon ng mga kayamanan at dangal na sagana. 6
At ang kaniyang puso ay nataas sa mga daan ng Panginoon:
at bukod dito'y inalis niya ang mga mataas na dako at
ang mga Asera sa Juda. 7 Nang ikatlong taon naman ng
kaniyang paghahari ay kaniyang sinugo ang kaniyang mga
prinsipe, sa makatuwid bagay si Ben-hail, at si Obdias, at si
Zacharias, at si Nathaniel, at si Micheas, upang mangagturo
sa mga bayan ng Juda. 8 At kasama nila ang mga Levita,
na si Semeias, at si Nethanias, at si Zebadias, at si Asael, at
si Semiramoth, at si Jonathan, at si Adonias, at si Tobias, at
si Tob-adonias, na mga Levita; at kasama nila si Elisama, at
si Joram na mga saserdote. 9 At sila'y nangagturo sa Juda,
na may aklat ng kautusan ng Panginoon; at sila'y nagsiyaon
sa palibot ng lahat na bayan ng Juda, at nangagturo sa
gitna ng bayan. 10 At ang takot sa Panginoon ay nahulog
sa lahat ng kaharian ng mga lupain na nangasa palibot ng
Juda, na anopa't sila'y hindi nangakipagdigma laban kay
Josaphat. 11 At ang ilan sa mga Filisteo ay nangagdala ng
mga kaloob kay Josaphat, at pilak na pinakabuwis; ang
mga taga Arabia man ay nangagdala rin sa kaniya ng mga
kawan, na pitong libo at pitong daang lalaking tupa, at pitong
libo at pitong daang kambing na lalake. 12 At si Josaphat
ay dumakilang mainam; at siya'y nagtayo sa Juda ng mga
kastilyo at mga bayang kamaligan. 13 At siya'y nagkaroon
ng maraming mga gawain sa mga bayan ng Juda; at ng mga
lalaking mangdidigma, na mga makapangyarihang lalaking
matatapang, sa Jerusalem. 14 At ito ang bilang nila ayon sa
mga sangbahayan ng kanilang mga magulang: sa Juda, ang
mga pinunong kawal ng lilibuhin; si Adna na pinunong kawal,
at ang kasama niya na mga makapangyarihang lalaking
matatapang ay tatlong daang libo: 15 At sumusunod sa

kaniya ay si Johanan na pinunong kawal, at kasama niya'y
dalawang daan at walong pung libo; **16** At sumusunod sa
kaniya ay si Amasias na anak ni Zichri, na humandog na
kusa sa Panginoon; at kasama niya ay dalawang daang
libo na mga makapangyarihang lalaking matatapang: **17**
At sa Benjamin; si Eliada na makapangyarihang lalaking
matapang, at kasama niya ay dalawang daang libong may
sakbat na busog at kalasag: **18** At sumusunod sa kaniya
ay si Jozabad, at kasama niya ay isang daan at walong
pung libo na handa sa pakikipagdigma. **19** Ang mga ito ang
nangaglingkod sa hari bukod doon sa inilagay ng hari sa
mga bayang nakukutaan sa buong Juda.

**18** Si Josaphat nga ay nagkaroon ng kayamanan, at
dangal na sagana; at siya'y nakipagkamaganak kay
Achab. **2** At pagkatapos ng ilang taon, kaniyang nilusong si
Achab sa Samaria. At ipinagpatay siya ni Achab ng mga
tupa at baka na sagana, at ang bayan na kasama niya;
at inupahan siya na umahon na kasama niya sa Ramoth-
galaad. **3** At sinabi ni Achab na hari sa Israel kay Josaphat
na hari sa Juda, Sasama ka ba sa akin sa Ramoth-galaad?
At sinagot niya siya, Ako'y gaya mo, at ang aking bayan ay
gaya ng iyong bayan; at kami ay sasaiyo sa pakikipagdigma.
**4** At sinabi ni Josaphat sa hari sa Israel, Magusisa ka
ngayon, isinasamo ko sa iyo, sa salita ng Panginoon. **5** Nang
magkagayo'y pinisan ng hari sa Israel ang mga propeta, na
apat na raang lalake, at sinabi sa kanila, Magsisiparoon ba
kami sa Ramoth-galaad upang makipagbaka, o uurong ako?
At sinabi nila, Umahon ka; sapagka't ibibigay ng Dios sa
kamay ng hari. **6** Nguni't sinabi ni Josaphat: Wala ba ritong
ibang propeta ng Panginoon, upang tayo'y makapagusisa sa
kaniya? **7** At sinabi ng hari sa Israel kay Josaphat, May
isa pang lalake na mapaguusisaan natin sa Panginoon:
nguni't kinapopootan ko siya: sapagka't kailan man ay hindi
siya nanghuhula ng mabuti tungkol sa akin, kundi laging
kasamaan; si Micheas nga na anak ni Imla. At sinabi ni
Josaphat, Huwag magsabi ng ganyan ang hari. **8** Nang
magkagayo'y tumawag ang hari sa Israel ng isang pinuno,
at kaniyang sinabi, Dalhin mo ritong madali si Micheas
na anak ni Imla. **9** Ang hari nga ng Israel at si Josaphat
na hari sa Juda, ay nakaupo bawa't isa sa kanikaniyang
luklukan na nakapanamit hari, at sila'y nakaupo sa isang
hayag na dako sa pasukan ng pintuang-bayan ng Samaria;
at ang lahat na propeta ay nanganghula sa harap nila. **10**
At si Sedechias na anak ni Chenaana ay gumawa ng mga
sungay na bakal, at kaniyang sinabi, Ganito ang sabi ng
Panginoon, Sa pamamagitan ng mga ito ay iyong itutulak
ang mga taga Siria, hanggang sa mangalipol. **11** At lahat na
propeta ay nanganghulang gayon, na sinasabi, Umahon ka
sa Ramoth-galaad, at guminhawa ka: sapagka't ibibigay ng
Panginoon sa kamay ng hari. **12** At ang sugo na yumaong
tumawag kay Micheas ay nagsalita sa kaniya na sinasabi,
Narito, ang mga salita ng mga propeta ay nagsaysay ng
mabuti sa hari na magkakaisa: isinasamo ko nga sa iyo
na ang iyong salita ay maging gaya ng isa sa kanila, at
magsalita ka ng mabuti. **13** At sinabi ni Micheas, Buhay
ang Panginoon, kung ano ang sabihin ng aking Dios, yaon
ang aking sasalitain. **14** At nang siya'y dumating sa hari,
sinabi ng hari sa kaniya, Micheas, magsisiyaon ba kami
sa Ramoth-galaad upang makipagbaka, o uurong ako? At
sinabi niya, Magsiyaon kayo at magsiginhawa nawa; at
sila'y mangabibigay sa inyong kamay. **15** At sinabi ng hari
sa kaniya: Makailang ipasusumpa ko sa iyo na ikaw ay
huwag magsalita ng anoman sa akin kundi katotohanan sa
pangalan ng Panginoon? **16** At kaniyang sinabi, Aking nakita
ang buong Israel na nangangalat sa mga bundok, na gaya
ng mga tupa na walang pastor: at sinabi ng Panginoon,
Ang mga ito'y walang panginoon; umuwing payapa ang
bawa't lalake sa kaniyang bayan. **17** At sinabi ng hari sa
Israel kay Josaphat, Di ba isinaysay ko sa iyo na siya'y hindi
manghuhula ng mabuti tungkol sa akin, kundi kasamaan?
**18** At sinabi ni Micheas, Kaya't dinggin ninyo ang salita ng
Panginoon: Aking nakita ang Panginoon na nakaupo sa
kaniyang luklukan, at ang buong hukbo ng langit na nakatayo
sa kaniyang kanan at sa kaniyang kaliwa. **19** At sinabi ng
Panginoon, Sinong dadaya kay Achab na hari sa Israel,
upang siya'y umahon at mabuwal sa Ramoth-galaad? At ang
isa'y nagsalita na nagsabi ng ayon sa ganitong paraan, at
ang iba'y nagsabi ayon sa gayong paraan. **20** At lumabas ang
isang espiritu, at tumayo sa harap ng Panginoon, at nagsabi,
Aking dadayain siya. At sinabi ng Panginoon sa kaniya, Sa
ano? **21** At kaniyang sinabi, Ako'y lalabas, at ako'y magiging
magdarayang espiritu sa bibig ng lahat niyang mga propeta.
At kaniyang sinabi, Iyong dadayain siya, at mananaig ka rin:
lumabas ka, at gawin mong gayon. **22** Ngayon nga, narito,
inilagay ng Panginoon ang magdarayang espiritu sa bibig ng
iyong mga propetang ito; ang Panginoon ay nagsalita ng
kasamaan tungkol sa iyo. **23** Nang magkagayo'y lumapit si
Sedechias na anak ni Chenaana, at sinampal si Micheas, at
nagsabi, Saan nagdaan ang Espiritu ng Panginoon na mula
sa akin upang magsalita sa iyo? **24** At sinabi ni Micheas,
Narito, iyong makikita sa araw na yaon, pagka ikaw ay
papasok sa pinakaloob na silid upang magkubli. **25** At sinabi
ng hari sa Israel, Dalhin ninyo si Micheas, at ibalik ninyo siya
kay Amon na tagapamahala ng bayan, at kay Joas na anak
ng hari; **26** At sabihin ninyo, Ganito ang sabi ng hari, Ilagay
ang taong ito sa bilangguan, at pakanin siya ng tinapay ng
kadalamhatian at ng tubig ng kadalamhatian hanggang sa
ako'y bumalik na payapa. **27** At sinabi ni Micheas, Kung ikaw

ay bumalik sa anomang paraan na payapa, ang Panginoon
ay hindi nagsalita sa pamamagitan ko. At kaniyang sinabi,
Dinggin ninyo, ninyong mga bayan, ninyong lahat. 28 Sa
gayo'y ang hari sa Israel at si Josaphat na hari sa Juda ay
nagsiahon sa Ramoth-galaad. 29 At sinabi ng hari sa Israel
kay Josaphat, Ako'y magpapakunwaring iba, at paroroon
ako sa pagbabaka; nguni't ikaw ay magbalabal ng iyong mga
balabal hari. Sa gayo'y ang hari ng Israel ay nagpakunwaring
iba; at sila'y nagsiparoon sa pagbabaka. 30 Ang hari nga
sa Siria ay nagutos sa mga pinunong kawal ng kaniyang
mga karo, na sinasabi, Huwag kayong magsilaban kahit sa
maliit o sa malaki man, liban lamang sa hari sa Israel. 31
At nangyari, nang makita ng mga punong kawal ng mga
karo ni Josaphat, na kanilang sinabi, Siyang hari sa Israel.
Kaya't sila'y nagsiligid upang magsilaban sa kaniya: nguni't
si Josaphat ay humiyaw, at tinulungan siya ng Panginoon; at
kinilos sila ng Dios na humiwalay sa kaniya. 32 At nangyari
nang makita ng mga pinunong kawal ng mga karo na hindi
siyang hari sa Israel, na sila'y nagsihiwalay ng paghabol sa
kaniya. 33 At inihilagpos ng isang lalake ang kaniyang pana
sa isang pagbabakasakali, at tinamaan ang hari sa Israel, sa
pagitan ng mga pagkakasugpong ng sakbat kaya't sinabi
niya sa nagpapatakbo ng karo, Ipihit mo ang iyong kamay,
at ihiwalay mo ako sa hukbo; sapagka't ako'y nasugatan
ng mabigat. 34 At ang pagbabaka ay lumala nang araw na
yaon; gayon ma'y ang hari sa Israel ay nanatili sa kaniyang
karo laban sa mga taga Siria hanggang sa kinahapunan: at
sa may paglubog ng araw ay namatay siya.

**19** At si Josaphat na hari sa Juda ay umuwing payapa sa
kaniyang bahay sa Jerusalem. 2 At si Jehu na anak ni
Hanani na tagakita ay lumabas na sinalubong siya, at sinabi
sa haring Josaphat: Tutulungan mo ba ang mga masama at
mamahalin yaong mga napopoot sa Panginoon? dahil sa
bagay na ito ay kapootan ang sasaiyo na mula sa harap
ng Panginoon. 3 Gayon ma'y may mabuting mga bagay
na nasumpungan sa iyo, sa iyong pagaalis ng mga Asera
sa lupain, at inilagak mo ang iyong puso upang hanapin
ang Dios. 4 At si Josaphat ay tumahan sa Jerusalem: at
siya'y lumabas uli sa gitna ng bayan na mula sa Beer-seba
hanggang sa lupaing maburol ng Ephraim, at ibinalik niya
sila sa Panginoon, sa Dios ng kanilang mga magulang.
5 At siya'y naglagay ng mga hukom sa lupain sa lahat
na bayang nakukutaan ng Juda sa bayan at bayan. 6 At
sinabi sa mga hukom, Buhayin ninyo kung ano ang inyong
ginagawa: sapagka't hindi kayo nagsisihatol ng dahil sa
tao, kundi dahil sa Panginoon, at siya'y sumasainyo sa
kahatulan. 7 Ngayon nga'y sumainyo nawa ang takot sa
Panginoon; magsipagingat kayo at inyong gawin: sapagka't
walang kasamaan sa Panginoon nating Dios, o tumangi
man sa mga tao, o tumanggap man ng mga suhol. 8 Bukod
dito'y naglagay si Josaphat sa Jerusalem ng ilan sa mga
Levita, at sa mga saserdote, at sa mga pangulo sa mga
sangbahayan ng mga magulang ng Israel, dahil sa kahatulan
ng Panginoon, at sa mga pagkakaalitan. At sila'y nagsibalik
sa Jerusalem. 9 At kaniyang binilinan sila, na sinasabi,
Ganito ang inyong gagawin, sa takot sa Panginoon, na may
pagtatapat, at may sakdal na puso. 10 At anomang kaalitan
ang dumating sa inyo na mula sa inyong mga kapatid
na nagsisitahan sa kanilang mga bayan, na dugo't dugo,
kautusan at utos, mga palatuntunan at mga kahatulan, ay
inyong papayuhan sila, upang sila'y huwag maging salarin
sa Panginoon, at sa gayo'y kapootan ay huwag dumating sa
inyo, at sa inyong mga kapatid: ito'y inyong gawin, at kayo'y
hindi magiging salarin. 11 At, narito, si Amarias na punong
saserdote ay nasa inyo sa lahat ng bagay ng Panginoon;
at si Zebadias na anak ni Ismael, na tagapamahala sa
sangbahayan ni Juda, sa lahat ng mga bagay ng hari: ang
mga Levita rin naman ay magiging mga pinuno sa harap
ninyo. Gawin ninyong may katapangan at ang Panginoon ay
sumasamabuti nawa.

**20** At nangyari, pagkatapos nito, na ang mga anak ni
Moab, at ang mga anak ni Ammon, at pati ng iba sa
mga Ammonita, ay naparoon laban kay Josaphat upang
makipagbaka. 2 Nang magkagayo'y nagsiparoon ang iba na
nagsipagsaysay kay Josaphat, na nagsasabi, May lumalabas
na isang lubhang karamihan laban sa iyo na mula sa dako
roon ng dagat na mula sa Siria; at, narito, sila'y nangasa
Hasason-tamar (na siyang Engedi). 3 At si Josaphat ay
natakot, at tumalagang hanapin ang Panginoon; at siya'y
nagtanyag ng ayuno sa buong Juda. 4 At ang Juda'y
nagpipisan, upang huminging tulong sa Panginoon: sa
makatuwid baga'y mula sa lahat na bayan ng Juda ay
nagsiparoon upang hanapin ang Panginoon. 5 At si Josaphat
ay tumayo sa kapisanan ng Juda at Jerusalem, sa bahay
ng Panginoon, sa harap ng bagong looban; 6 At kaniyang
sinabi, Oh Panginoon, na Dios ng aming mga magulang,
di ba ikaw ay Dios sa langit? at di ba ikaw ay puno sa
lahat na kaharian ng mga bansa? at nasa iyong kamay ang
kapangyarihan at lakas, na anopa't walang makahaharap
sa iyo. 7 Di mo ba pinalayas, Oh aming Dios, ang mga
nananahan sa lupaing ito sa harap ng iyong bayang Israel,
at iyong ibinigay sa binhi ni Abraham na iyong kaibigan
magpakailan man? 8 At nagsitahan sila roon at ipinagtayo
ka ng santuario roon na ukol sa iyong pangalan, na sinasabi,
9 Kung ang kasamaan ay dumating sa amin, ang tabak
ng kahatulan, o salot, o kagutom, kami ay magsisitayo sa
harap ng bahay na ito, at sa harap mo, (sapagka't ang iyong
pangalan ay nasa bahay na ito, ) at kami ay dadaing sa iyo

sa aming pagdadalamhati, at kami ay iyong didinggin at
ililigtas. 10 At ngayon, narito, ang mga anak ni Ammon at ni
Moab, at ng sa bundok ng Seir na hindi mo ipinalusob sa
Israel, nang sila'y magsilabas sa lupain ng Egipto, kundi
kanilang nilikuan sila, at hindi sila nilipol; 11 Tingnan mo,
kung paanong sila'y gumaganti sa amin, na nagsisiparito
upang palayasin kami sa iyong pag-aari, na iyong ibinigay
sa amin upang manahin. 12 Oh aming Dios, hindi mo
ba hahatulan sila? sapagka't wala kaming kaya laban sa
malaking pulutong na ito na naparirito laban sa amin, ni hindi
man nalalaman namin kung anong marapat gawin; nguni't
ang aming mga mata ay nasa iyo. 13 At ang buong Juda
ay tumayo sa harap ng Panginoon, pati ang kanilang mga
bata, ang kanilang mga asawa, at ang kanilang mga anak.
14 Nang magkagayo'y dumating kay Jahaziel na anak ni
Zacharias, na anak ni Benaias, na anak ni Jeiel, na anak ni
Mathanias na Levita, sa mga anak ni Asaph ang Espiritu ng
Panginoon sa gitna ng kapisanan; 15 At kaniyang sinabi,
Dinggin ninyo, buong Juda, at ninyong mga taga Jerusalem,
at ikaw na haring Josaphat: ganito ang sabi ng Panginoon sa
inyo, Huwag kayong mangatakot, o manglupaypay man dahil
sa malaking karamihang ito; sapagka't ang pakikipagbaka
ay hindi inyo, kundi sa Dios. 16 Bukas ay magsilusong
kayo laban sa kanila: narito, sila'y nagsiahon sa ahunan
ng Sis; at inyong masusumpungan sila sa dulo ng libis, sa
harap ng ilang ng Jeruel. 17 Kayo'y hindi magkakailangan
na makipaglaban sa pagbabakang ito: magsilagay kayo,
magsitayo kayong panatag, at tingnan ninyo ang pagliligtas,
ng Panginoon na kasama ninyo, Oh Juda at Jerusalem:
huwag kayong mangatakot, o manganglupaypay man:
bukas ay magsilabas kayo laban sa kanila; sapagka't ang
Panginoon ay sumasa inyo. 18 At itinungo ni Josaphat ang
kaniyang ulo sa lupa: at ang buong Juda at ang mga taga
Jerusalem ay nangagpatirapa sa harap ng Panginoon, na
nagsisamba sa Panginoon. 19 At ang mga Levita, sa mga
anak ng mga Coathita at sa mga anak ng mga Coraita;
ay nagsitayo upang purihin ang Panginoon, ang Dios ng
Israel, ng totoong malakas na tinig. 20 At sila'y nagsibangong
maaga sa kinaumagahan, at nagsilabas sa ilang ng Tecoa:
at habang sila'y nagsisilabas, si Josaphat ay tumayo, at
nagsabi, Dinggin ninyo ako, Oh Juda, at ninyong mga taga
Jerusalem; sumampalataya kayo sa Panginoon ninyong
Dios, sa gayo'y matatatag kayo; sumampalataya kayo sa
kaniyang mga propeta, sa gayo'y giginhawa kayo. 21 At
nang siya'y makakuhang payo sa bayan, kaniyang inihalal
sa kanila ang magsisiawit sa Panginoon at magsisipuri
sa ganda ng kabanalan habang sila'y nagsisilabas na
nagpapauna sa hukbo at magsipagsabi, Mangagpasalamat
kayo sa Panginoon; sapagka't ang kaniyang kaawaan ay
magpakailan man. 22 At nang sila'y mangagpasimulang
magsiawit at magsipuri, ang Panginoon ay naglagay ng
mga bakay laban sa mga anak ni Ammon, ni Moab, at
ng sa bundok ng Seir, na nagsiparoon laban sa Juda; at
sila'y nangasugatan. 23 Sapagka't ang mga anak ni Ammon
at ni Moab ay nagsitayo laban sa mga taga bundok ng
Seir, upang lubos na magsipatay at lipulin sila: at nang
sila'y makatapos sa mga taga bundok ng Seir, bawa't isa'y
tumulong na lumipol sa iba. 24 At nang ang Juda ay dumating
sa bantayang moog sa ilang, sila'y nagsitingin sa karamihan;
at, narito, mga bangkay na nangakabuwal sa lupa, at walang
nakatanan. 25 At nang si Josaphat at ang kaniyang bayan ay
magsiparoon upang kunin ang samsam sa kanila, kanilang
nasumpungan sa kanila na sagana ay mga kayamanan at
mga bangkay, at mga mahahalagang hiyas na kanilang mga
sinamsam para sa kanilang sarili, na higit kay sa kanilang
madala: at sila'y nagsidoon na tatlong araw, sa pagkuha
ng samsam, na totoong marami. 26 At nang ikaapat na
araw, sila'y nagpupulong sa libis ng Baracah; sapagka't
doo'y kanilang pinuri ang Panginoon: kaya't ang pangalan
ng dakong yaon ay tinawag na Libis ng Baracah, hanggang
sa araw na ito. 27 Nang magkagayo'y nagsibalik sila, bawa't
lalake sa Juda, at sa Jerusalem, at si Josaphat ay sa
unahan nila, upang bumalik sa Jerusalem na may kagalakan;
sapagka't sila'y pinapagkatuwa ng Panginoon sa kanilang
mga kaaway. 28 At sila'y nagsiparoon sa Jerusalem na may
mga salterio at mga alpa, at mga pakakak sa bahay ng
Panginoon. 29 At ang takot sa Dios ay napasa lahat na
kaharian ng mga lupain, nang kanilang mabalitaang ang
Panginoon ay nakipaglaban sa mga kaaway ng Israel. 30 Sa
gayo'y ang kaharian ni Josaphat ay natahimik: sapagka't
binigyan siya ng kaniyang Dios ng kapahingahan sa palibot.
31 At si Josaphat ay naghari sa Juda: siya'y may tatlong pu't
limang taong gulang nang siya'y magpasimulang maghari; at
siya'y nagharing dalawang pu't limang taon sa Jerusalem: at
ang pangalan ng kaniyang ina ay Azuba na anak ni Silhi. 32
At siya'y lumakad ng lakad ni Asa na kaniyang ama, at hindi
siya lumiko sa paggawa ng matuwid sa harap ng mga mata
ng Panginoon. 33 Gayon ma'y ang mga mataas na dako ay
hindi inalis; ni inilagak pa man ng bayan ang kanilang puso
sa Dios ng kanilang mga magulang. 34 Ang iba nga sa mga
gawa ni Josaphat, na una at huli, narito, nangakasulat sa
kasaysayan ni Jehu na anak ni Hanani, na nasusulat sa aklat
ng mga hari sa Israel. 35 At pagkatapos nito ay nakipisan si
Josaphat na hari sa Juda kay Ochozias na hari sa Israel; na
siyang gumawa ng totoong masama: 36 At siya'y nakipisan
sa kaniya upang gumawa ng mga sasakyang dagat na
magsisiparoon sa Tharsis: at kanilang ginawa ang mga
sasakyan sa Esion-geber. 37 Nang magkagayo'y si Eliezer

na anak ni Dodava sa Mareosah ay nanghula laban kay
Josaphat, na kaniyang sinabi, Sapagka't ikaw ay nakipisan
kay Ochozias, giniba ng Panginoon ang iyong mga gawa. At
ang mga sasakyan ay nangabasag, na anopa't sila'y hindi
na makaparoon sa Tharsis.

**21** At si Josaphat ay natulog na kasama ng kaniyang
mga magulang, at nalibing na kasama ng kaniyang
mga magulang sa bayan ni David: at si Joram na kaniyang
anak ay naghari na kahalili niya. **2** At siya'y nagkaroon ng
mga kapatid, na mga anak ni Josaphat, na si Azarias, at
si Jehiel, at si Zacharias, at si Azarias, at si Michael, at si
Sephatias: lahat ng ito ay mga anak ni Josaphat na hari sa
Israel. **3** At binigyan sila ng kanilang ama ng mga dakilang
kaloob, na pilak, at ginto, at mga mahalagang bagay, pati ng
mga bayang nakukutaan ng Juda: nguni't ang kaharian ay
ibinigay niya kay Joram, sapagka't siya ang panganay. **4**
Nang si Joram nga ay bumangon sa kaharian ng kaniyang
ama, at lumakas, ay kaniyang pinatay ng tabak ang lahat
niyang mga kapatid, at gayon din ang iba sa mga prinsipe ng
Israel. **5** Si Joram ay tatlongpu't dalawang taon nang siya'y
magpasimulang maghari; at siya'y nagharing walong taon sa
Jerusalem. **6** At siya'y lumakad ng lakad ng mga hari sa
Israel, gaya ng ginawa ng sangbahayan ni Achab; sapagka't
siya'y nagasawa sa anak ni Achab: at siya'y gumawa ng
kasamaan sa paningin ng Panginoon. **7** Gayon ma'y hindi
nilipol ng Panginoon ang sangbahayan ni David, dahil sa
tipan na kaniyang ginawa kay David, at yamang siya'y
nangako na bibigyan siya ng ilawan at ang kaniyang mga
anak magpakailan man. **8** Sa kaniyang mga kaarawan ay
nanghimagsik ang Edom na mula sa kapangyarihan ng Juda,
at naghalal ng hari sa kanilang sarili. **9** Nang magkagayo'y
nagdaan si Joram na kasama ang kaniyang mga punong
kawal, at dala ang lahat niyang mga karo: at siya'y bumangon
ng kinagabihan at sinaktan ang mga Idumeo na kumubkob
sa kaniya, at ang mga pinunong kawal sa mga karo. **10** Sa
gayo'y nanghimagsik ang Edom na mula sa kapangyarihan
ng Juda, hanggang sa araw na ito: nang magkagayo'y
nanghimagsik ang Libna nang panahong yaon na mula sa
kaniyang kapangyarihan: sapagka't kaniyang pinabayaan
ang Panginoon, ang Dios ng kaniyang mga magulang. **11**
Bukod dito'y kaniyang ginawa ang mga mataas na dako
sa mga bundok ng Juda, at pinasamba sa diosdiosan ang
mga taga Jerusalem, at iniligaw ang Juda. **12** At dumating
ang isang sulat sa kaniya na mula kay Elias na propeta, na
sinasabi, Ganito ang sabi ng Panginoon, ng Dios ni David
na iyong ama, sapagka't hindi ka lumakad ng mga lakad ni
Josaphat na iyong ama, o ng mga lakad man ni Asa na
hari sa Juda: **13** Kundi ikaw ay lumakad ng mga lakad ng
mga hari sa Israel, at iyong pinasamba sa diosdiosan ang
Juda at ang mga nananahan sa Jerusalem, gaya ng ginawa
ng sangbahayan ni Achab; at iyo rin namang pinatay ang
iyong mga kapatid sa sangbahayan ng iyong ama, na lalong
mabuti kay sa iyo: **14** Narito, ang Panginoon ay mananalot
ng malaki sa iyong bayan, at sa iyong mga anak, at sa iyong
mga asawa, at sa lahat ng iyong pag-aari: **15** At ikaw ay
magkakasakit ng mabigat, na sakit ng iyong tiyan, hanggang
sa lumabas ang loob ng iyong tiyan dahil sa sakit araw-
araw. **16** At inudyukan ng Panginoon laban kay Joram ang
diwa ng mga Filisteo, at ng mga taga Arabia na nangasa
siping ng mga taga Etiopia: **17** At sila'y nagsiahon laban sa
Juda, at nagpumilit doon, at dinala ang lahat na pag-aari
na nasumpungan sa bahay ng hari, at pati ang mga anak
niya, at ang mga asawa niya; na anopa't walang naiwang
anak sa kaniya, liban si Joachaz na bunso sa kaniyang mga
anak. **18** At pagkatapos ng lahat na ito ay sinaktan siya
ng Panginoon sa kaniyang tiyan ng walang kagamutang
sakit. **19** At nangyari, sa lakad ng panahon sa katapusan ng
dalawang taon, na ang loob ng kaniyang tiyan ay lumabas
dahil sa kaniyang sakit, at siya'y namatay sa mabigat na
sakit. At hindi ipinagsunog siya ng kaniyang bayan, na
gaya ng pagsusunog sa kaniyang mga magulang. **20** May
tatlongpu't dalawang taon siya nang siya'y magpasimulang
maghari, at siya'y naghari sa Jerusalem na walong taon: at
siya'y nanaw na walang nagnasang pumigil; at inilibing nila
siya sa bayan ni David, nguni't hindi sa mga libingan ng mga
hari.

**22** At ginawang hari ng mga taga Jerusalem si Ochozias
na kaniyang bunsong anak na kahalili niya: sapagka't
pinatay ang mga pinaka matanda sa kampamento ng
pulutong na lalake na naparoon na kasama ng mga taga
Arabia. Sa gayo'y si Ochozias na anak ni Joram na hari
sa Juda ay naghari. **2** May apat na pu't dalawang taon si
Ochozias nang magpasimulang maghari; at siya'y nagharing
isang taon sa Jerusalem: at ang pangalan ng kaniyang ina
ay Athalia na anak ni Omri. **3** Siya rin naman ay lumakad
ng mga lakad ng sangbahayan ni Achab: sapagka't ang
kaniyang ina ay siyang kaniyang taga-payo upang gumawang
may kasamaan. **4** At siya'y gumawa ng kasamaan sa
paningin ng Panginoon, gaya ng ginawa ng sangbahayan
ni Achab: sapagka't sila ang naging kaniyang taga-payo
pagkamatay ng kaniyang ama, sa ikapapahamak niya. **5**
Siya'y lumakad din naman ng ayon sa kanilang payo, at
yumaon na kasama ni Joram na anak ni Achab na hari sa
Israel upang makipagdigma laban kay Hazael na hari sa
Siria sa Ramoth-galaad: at sinugatan ng mga taga Siria si
Joram. **6** At siya'y bumalik upang magpagaling sa Jezreel
ng mga sugat na isinugat nila sa kaniya sa Rama, ng siya'y
makipaglaban kay Hazael na hari sa Siria. At si Azarias na

anak ni Joram na hari sa Juda ay lumusong upang tingnan
si Joram na anak ni Achab sa Jezreel, sapagka't siya'y may
sakit. 7 Ang kapahamakan nga ni Ochozias ay sa ganang
Dios, sa kaniyang pagparoon kay Joram: sapagka't nang
siya'y dumating, siya'y lumabas na kasama ni Joram laban
kay Jehu na anak ni Nimsi, na siyang pinahiran ng langis ng
Panginoon upang ihiwalay ang sangbahayan ni Achab. 8 At
nangyari, nang si Jehu ay maglalapat ng kahatulan sa bahay
ni Achab, na kaniyang nasumpungan ang mga prinsipe
sa Juda, at ang mga anak ng mga kapatid ni Ochozias,
na nagsisipangasiwa kay Ochozias, at pinatay sila. 9 At
kaniyang hinanap si Ochozias, at hinuli nila siya, (siya nga'y
nagtatago sa Samaria, ) at dinala nila siya kay Jehu, at
pinatay siya; at inilibing nila siya, sapagka't kanilang sinabi,
Siya'y anak ni Josaphat, na humanap sa Panginoon ng buo
niyang puso. At ang sangbahayan ni Ochozias ay walang
kapangyarihang humawak ng kaharian. 10 Nang makita
nga ni Athalia na ina ni Ochozias na ang kaniyang anak ay
patay, siya'y tumindig at nilipol ang lahat na binhing hari
ng sambahayan ni Juda. 11 Nguni't kinuha ni Josabeth,
na anak na babae ng hari, si Joas na anak ni Ochozias,
at inalis niyang lihim siya sa gitna ng mga anak ng hari
na nangapatay, at inilagay niya siya at ang kaniyang yaya
sa silid na higaan. Gayon ikinubli ni Josabeth, na anak ng
haring Joram, na asawa ni Joiada na saserdote, (sapagka't
siya'y kapatid ni Ochozias) kay Athalia, na anopa't siya'y
hindi napatay. 12 At siya'y nakakubling kasama nila sa bahay
ng Dios na anim na taon: at si Athalia ay naghari sa lupain.

23 At sa ikapitong taon ay lumakas si Joiada, at
nakipagtipan siya sa mga pinunong kawal ng dadaanin,
kay Azarias na anak ni Joram, at kay Ismael na anak ni
Johanan, at kay Azarias na anak ni Obed, at kay Maasias
na anak ni Adaias, at kay Elisaphat na anak ni Zichri. 2
At kanilang nilibot ang Juda, at pinisan ang mga Levita
mula sa lahat na bayan ng Juda, at ang mga pangulo ng
mga sangbahayan ng mga magulang ng Israel, at sila'y
nagsiparoon sa Jerusalem. 3 At ang buong kapisanan ay
nakipagtipan sa hari sa bahay ng Dios. At sinabi niya sa
kanila, Narito, ang anak ng hari ay maghahari, gaya ng
sinalita ng Panginoon tungkol sa mga anak ni David. 4
Ito ang bagay na inyong gagawin: isang ikatlong bahagi
ninyo, na pumapasok sa sabbath, sa mga saserdote at
sa mga Levita, magiging mga tagatanod-pinto; 5 At ang
ikatlong bahagi ay magiging sa bahay ng hari; at ang ikatlong
bahagi sa pintuang-bayan ng patibayan; at ang buong bayan
ay malalagay sa mga looban ng bahay ng Panginoon. 6
Nguni't walang papasok sa bahay ng Panginoon, liban sa
mga saserdote, at nagsisipangasiwang mga Levita; sila'y
magsisipasok, sapagka't sila'y mga banal: nguni't ang buong
bayan ay magiingat ng pagbabantay sa Panginoon. 7 At
kukulungin ng mga Levita ang hari sa palibot, bawa't isa'y
may dalang kaniyang mga sandata sa kaniyang kamay; at
sinomang pumasok sa bahay, patayin: at kayo'y magsiabay
sa hari pagka siya'y pumapasok at pagka siya'y lumalabas.
8 Gayon ginawa ng mga Levita at ng buong Juda ang ayon
sa lahat na iniutos ni Joiada na saserdote: at sila'y kumuha
bawa't lalake ng kaniyang mga lalake, yaong nagsisipasok
sa sabbath, na kasama niyaong nagsisilabas sa sabbath;
sapagka't hindi pinayaon ni Joiada na saserdote ang mga
pangkat. 9 At si Joiada na saserdote ay nagbigay sa mga
pinunong kawal ng mga dadaanin ng mga sibat, at mga
maliit na kalasag at mga kalasag na naging sa haring David,
na nangasa bahay ng Dios. 10 At kaniyang inilagay ang
buong bayan, na bawa't isa'y may kaniyang sandata sa
kaniyang kamay, mula sa dakong kanan ng bahay hanggang
sa dakong kaliwa ng bahay, sa siping ng dambana at ng
bahay, sa siping ng hari sa palibot. 11 Nang magkagayo'y
kanilang inilabas ang anak ng hari, at ipinutong nila ang
putong sa kaniya, at binigyan siya ng patotoo, at ginawa
siyang hari: at pinahiran siya ng langis ni Joiada at ng
kaniyang mga anak; at kanilang sinabi, Mabuhay ang hari.
12 At nang marinig ni Athalia ang kaingay ng bayan, na
tumatakbo at pinupuri ang hari, siya'y naparoon sa bayan
sa loob ng bahay ng Panginoon: 13 At siya'y tumingin, at,
narito, ang hari ay nakatayo sa siping ng kaniyang haligi
sa pasukan, at ang mga punong kawal at ang mga may
pakakak ay sa siping ng hari: at ang buong bayan ng lupain
ay nagalak, at humihip ng mga pakakak; ang mga mangaawit
naman ay nagsitugtog ng mga panugtog ng tugtugin, at
tinugmaan ang awit ng papuri. Nang magkagayo'y hinapak
ni Athalia ang kaniyang suot, at sinabi: Paglililo, paglililo. 14
At inilabas ni Joiada na saserdote ang mga pinunong kawal
ng dadaanin na nangalalagay sa hukbo, at sinabi sa kanila,
Palabasin ninyo siya sa pagitan ng mga hanay; at sinomang
sumunod sa kaniya, patayin ng tabak: sapagka't sinabi ng
saserdote, Huwag patayin siya sa bahay ng Panginoon. 15
Sa gayo'y binigyang daan nila siya; at siya'y naparoon sa
pasukan ng pintuang-daan ng kabayo sa bahay ng hari: at
pinatay nila siya roon. 16 At si Joiada ay nakipagtipan sa
kaniya, at sa buong bayan, at sa hari na sila'y magiging
bayan ng Panginoon. 17 At ang buong bayan ay naparoon
sa bahay ni Baal, at ibinagsak, at pinagputolputol ang
kaniyang mga dambana at ang kaniyang mga larawan, at
pinatay si Mathan na saserdote ni Baal sa harap ng mga
dambana. 18 At inihalal ni Joiada ang mga katungkulan sa
bahay ng Panginoon, sa kapangyarihan ng kamay ng mga
saserdote na mga Levita, na siyang binahagi ni David sa
bahay ng Panginoon, upang maghandog ng mga handog na

susunugin sa Panginoon, gaya ng nasusulat sa kautusan ni
Moises, na may pagkagalak, at may pagawit ayon sa ayos ni
David. 19 At kaniyang inilagay ang mga tagatanod-pinto sa
mga pintuangdaan ng bahay ng Panginoon, upang walang
pumasok na marumi sa anomang bagay. 20 At kaniyang
ipinagsama ang mga pinunong kawal ng dadaanin at ang
mga mahal na tao, at ang mga tagapamahala ng bayan, at
ang buong bayan ng lupain, at ibinaba ang hari mula sa
bahay ng Panginoon: at sila'y pumasok sa bahay ng hari, na
nagdaan sa pinakamataas na pintuang-daan, at inilagay ang
hari sa luklukan ng kaharian. 21 Sa gayo'y ang buong bayan
ng lupain ay nagalak, at ang bayan ay natahimik: at pinatay
nila ng tabak si Athalia.

**24** Si Joas ay may pitong taon nang magpasimulang
maghari; at siya'y nagharing apat na pung taon sa
Jerusalem: at ang pangalan ng kaniyang ina ay Sibia na taga
Beer-seba. 2 At gumawa si Joas ng matuwid sa harap ng
mga mata ng Panginoon lahat ng mga kaarawan ni Joiada
na saserdote. 3 At kumuha si Joiada ng dalawang babae
upang maging asawa ng hari, at siya'y nagkaanak ng mga
lalake at mga babae. 4 At nangyari, pagkatapos nito, na
inisip ni Joas na husayin ang bahay ng Panginoon. 5 At
kaniyang pinisan ang mga saserdote at ang mga Levita,
at sinabi sa kanila, Magsilabas kayo hanggang sa mga
bayan ng Juda, at magtipon kayo sa buong Israel ng salapi
upang husayin ang bahay ng inyong Dios sa taontaon,
at sikapin ninyo na inyong madaliin ang bagay. Gayon
ma'y hindi minadali ng mga Levita. 6 At ipinatawag ng hari
si Joiada na pinuno, at sinabi sa kaniya, Bakit hindi mo
ipinadala sa mga Levita ang buwis na iniutos ni Moises,
na lingkod ng Panginoon, at ng kapisanan ng Israel, mula
sa Juda, at mula sa Jerusalem, na ukol sa tabernakulo ng
patotoo? 7 Sapagka't giniba ng mga anak ni Athalia, niyaong
masamang babae, ang bahay ng Dios, at kanila namang
ginugol sa mga Baal ang lahat na itinalagang bagay sa
bahay ng Panginoon. 8 Sa gayo'y nagutos ang hari, at sila'y
nagsigawa ng isang kaban, at inilagay sa labas sa pintuang
daan ng bahay ng Panginoon. 9 At sila'y nangagtanyag sa
Juda at sa Jerusalem, na dalhin sa Panginoon ang buwis na
iniatang ni Moises na lingkod ng Dios sa Israel sa ilang. 10
At ang lahat na prinsipe at ang buong bayan ay nagalak, at
dinala, at inilagay sa kaban, hanggang sa natapos. 11 At
nagkagayon, nang dalhin ang kaban sa kawanihan ng hari,
sa pamamagitan ng kamay ng mga Levita, at nang kanilang
makita na maraming salapi, na ang kalihim ng hari at ang
pinuno ng pangulong saserdote ay naparoon at inalisan
ng laman ang kaban, at kinuha, at dinala uli sa dakong
kinaroroonan. Ganito ang kanilang ginawa araw-araw, at
nagtipon ng salapi na sagana. 12 At ibinigay ng hari at ni
Joiada sa gumagawa ng gawaing paglilingkod sa bahay ng
Panginoon; at sila'y nagsiupa ng mga kantero at ng mga
anluwagi upang husayin ang bahay ng Panginoon, at ng
nagsisigawa naman sa bakal at tanso upang husayin ang
bahay ng Panginoon. 13 Sa gayo'y nagsigawa ang mga
manggagawa, at ang gawa ay nayari sa pamamagitan nila, at
kanilang itinayo ang bahay ng Dios sa kaniyang kalagayan,
at pinatibay. 14 At nang kanilang matapos, kanilang dinala
ang labis ng salapi sa harap ng hari at ni Joiada, na siyang
mga ipinagpagawa ng mga sisidlan sa bahay ng Panginoon,
sa makatuwid baga'y mga sisidlan upang ipangasiwa, at
upang ipaghandog ng hain, at mga sandok, at mga sisidlang
ginto, at pilak. At sila'y nangaghandog na palagi ng mga
handog na susunugin sa bahay ng Panginoon sa lahat ng
mga kaarawan ni Joiada. 15 Nguni't si Joiada ay tumanda
at napuspos ng mga araw, at siya'y namatay; siya'y may
isang daan at tatlongpung taon nang siya'y mamatay. 16 At
inilibing nila siya sa bayan ni David sa kasamahan ng mga
hari, sapagka't siya'y gumawa ng mabuti sa Israel, at sa Dios
at sa kaniyang sangbahayan. 17 Pagkamatay nga ni Joiada
ay nagsiparoon ang mga prinsipe ng Juda, at nangagbigay
galang sa hari. Nang magkagayo'y dininig sila ng hari.
18 At kanilang pinabayaan ang bahay ng Panginoon, ng
Dios ng kanilang mga magulang, at nangaglingkod sa mga
Asera at sa mga dios-diosan: at ang pag-iinit ay dumating
sa Juda at sa Jerusalem dahil sa kanilang salang ito. 19
Gayon ma'y nagsugo siya ng mga propeta sa kanila upang
dalhin sila uli sa Panginoon; at sila'y sumaksi laban sa
kanila; nguni't hindi sila pinakinggan. 20 At ang Espiritu
ng Dios ay dumating kay Zacharias na anak ni Joiada na
saserdote; at siya'y tumayong mataas kay sa bayan, at
nagsabi sa kanila, Ganito ang sabi ng Dios, Bakit kayo'y
nagsisisalangsang sa mga utos ng Panginoon, na anopa't
kayo'y huwag magsiginhawa? sapagka't inyong pinabayaan
ang Panginoon, kaniya namang pinabayaan kayo. 21 At
sila'y nagsipagbanta laban sa kaniya, at binato siya ng mga
bato, sa utos ng hari sa looban ng bahay ng Panginoon. 22
Sa ganito ay hindi inalaala ni Joas na hari ang kagandahang
loob na ginawa ni Joiada na kaniyang ama sa kaniya,
kundi pinatay ang kaniyang anak. At nang siya'y mamatay,
kaniyang sinabi, Masdan ng Panginoon, at pakialaman. 23
At nangyari, sa katapusan ng taon, na ang hukbo ng mga
taga Siria ay umahon laban sa kaniya: at sila'y nagsiparoon
sa Juda at sa Jerusalem, at nilipol ang lahat na prinsipe
ng bayan mula sa gitna ng bayan, at ipinadala ang buong
samsam sa kanila sa hari sa Damasco. 24 Sapagka't ang
hukbo ng mga taga Siria ay naparoong may munting pangkat
ng mga lalake; at ibinigay ng Panginoon ang isang totoong
malaking hukbo sa kanilang kamay sapagka't kanilang

pinabayaan ang Panginoon, ang Dios ng kanilang mga
magulang. Sa gayo'y nilapatan nila ng kahatulan si Joas. 25
At nang kanilang lisanin siya, (sapagka't iniwan nila siya sa
maraming mga sakit, ) ang kaniyang sariling mga lingkod
ay nagsipagbanta laban sa kaniya dahil sa dugo ng mga
anak ni Joiada na saserdote, at pinatay siya sa kaniyang
higaan, at siya'y namatay: at inilibing nila siya sa bayan ni
David, nguni't hindi inilibing nila siya sa mga libingan ng
mga hari. 26 At ang mga ito ang nagsipagbanta laban sa
kaniya; si Zabad na anak ni Simath, na Ammonita, at si
Jozabad na anak ni Simrith, na Moabita. 27 Tungkol nga
sa kaniyang mga anak, at sa kalakhan ng mga pasang
ipinasan sa kaniya, at sa pagtatayong muli ng bahay ng
Dios, narito, nakasulat sa kasaysayan ng aklat ng mga hari.
At si Amasias na kaniyang anak ay naghari na kahalili niya.

25 Si Amasias ay may dalawangpu't limang taon nang
siya'y magpasimulang maghari; at siya'y naghari na
dalawangpu't siyam na taon sa Jerusalem: at ang pangalan
ng kaniyang ina ay si Joadan na taga Jerusalem. 2 At siya'y
gumawa ng matuwid sa harap ng mga mata ng Panginoon,
nguni't hindi ng sakdal na puso. 3 Nangyari nga nang ang
kaharian ay matatag sa kaniya, na kaniyang pinatay ang
kaniyang mga lingkod na nagsipatay sa hari na kaniyang
ama. 4 Nguni't hindi niya pinatay ang kanilang mga anak,
kundi gumawa ng ayon sa nakasulat sa kautusan sa aklat ni
Moises, gaya ng iniutos ng Panginoon, na sinasabi, ang
mga ama ay hindi mangamamatay ng dahil sa mga anak, ni
ang mga anak man ay nangamamatay ng dahil sa ama:
kundi bawa't tao ay mamamatay dahil sa kaniyang sariling
kasalanan. 5 Bukod dito'y pinisan ni Amasias ang Juda,
at iniutos sa kanila ang ayon sa mga sangbahayan ng
kanilang mga magulang, sa kapangyarihan ng mga pinunong
kawal ng lilibuhin at ng mga pinunong kawal ng dadaanin,
sa makatuwid baga'y ang buong Juda at Benjamin: at
kaniyang binilang sila mula sa dalawangpung taong gulang
na patanda, at nasumpungan niya silang tatlong daang
libong piling lalake, na makalalabas sa pakikipagdigma,
na makahahawak ng sibat at kalasag. 6 Siya'y umupa rin
naman ng isang daang libong makapangyarihang lalake na
matatapang na mula sa Israel sa halagang isang daang
talentong pilak. 7 Nguni't naparoon ang isang lalake ng Dios
sa kaniya, na nagsasabi, Oh hari, huwag mong pasamahin
sa iyo ang hukbo ng Israel; sapagka't ang Panginoon ay
hindi sumasa Israel, sa makatuwid baga'y sa lahat ng mga
anak ni Ephraim. 8 Nguni't kung ikaw ay yayaon, gumawa
kang may katapangan, magpakalakas ka sa pakikipagbaka:
ibubuwal ka ng Dios sa harap ng kaaway: sapagka't ang
Dios ay may kapangyarihang tumulong at magbuwal. 9
At sinabi ni Amasias sa lalake ng Dios, Nguni't anong
aming gagawin sa isang daang talento na aking ibinigay sa
hukbo ng Israel? At ang lalake ng Dios ay sumagot: Ang
Panginoon ay makapagbibigay sa iyo ng mahigit kay sa
rito. 10 Nang magkagayo'y inihiwalay sila ni Amasias, sa
makatuwid baga'y ang hukbo na paparoon sa kaniya na
mula sa Ephraim, upang umuwi uli: kaya't ang kanilang galit
ay totoong nagalab laban sa Juda, at sila'y nagsiuwi na may
malaking galit. 11 At si Amasias ay tumapang, at inilabas ang
kaniyang bayan, at naparoon sa Libis ng Asin, at sumakit sa
mga anak ni Scir ng sangpung libo. 12 At sangpung libo
ang dinala ng mga anak ni Juda na buhay, at dinala sila sa
taluktok ng burol at inihagis sila mula sa taluktok ng burol
na anopa't silang lahat ay nagkawaraywaray. 13 Nguni't
ang mga lalake ng hukbo na ipinabalik ni Amasias, upang
sila'y huwag magsisunod sa kaniya sa pakikipagbaka, ay
nagsidaluhong sa mga bayan ng Juda, mula sa Samaria
hanggang sa Bet-horon, at nanakit sa kanila ng tatlong
libo, at nagsikuha ng maraming samsam. 14 Nangyari
nga, pagkatapos na si Amasias ay manggaling na mula sa
pagpatay sa mga Idumio na kaniyang dinala ang mga dios
ng mga anak ni Seir, at inilagay na maging kaniyang mga
dios, at yumukod sa harap ng mga yaon, at nagsunog ng
kamangyan sa mga yaon. 15 Kaya't ang galit ng Panginoon
ay nagalab laban kay Amasias, at siya'y nagsugo sa kaniya
ng isang propeta, na sinabi sa kaniya, Bakit mo hinanap
ang dios ng bayan na hindi nakapagligtas ng kanilang
sariling bayan sa iyong kamay? 16 At nangyari, habang
siya'y nakikipagusap sa kaniya, na sinabi ng hari sa kaniya,
Ginawa ka ba naming tagapayo ng hari? umurong ka; bakit
ka sasaktan? Nang magkagayo'y umurong ang propeta, at
nagsabi, Talastas ko na pinasiyahan ng Dios na patayin ka,
sapagka't iyong ginawa ito, at hindi mo dininig ang aking
payo. 17 Nang magkagayo'y kumuhang payo si Amasias na
hari sa Juda, at nagsugo kay Joas na anak ni Joachaz na
anak ni Jehu, na hari sa Israel, na nagsabi, Halika, tayo'y
magtitigan. 18 At si Joas na hari sa Israel ay nagsugo kay
Amasias na hari sa Juda, na nagsasabi, Ang dawag na
nasa Libano, ay nagsugo sa sedro na nasa Libano, na
nagsasabi, Ibigay mong asawa ang iyong anak na babae sa
aking anak: at nagdaan ang mabangis na hayop na nasa
Libano, at niyapakan ang dawag. 19 Ikaw ay nagsasabi,
Narito, iyong sinaktan ang Edom; at itinaas ka ng iyong puso
upang magmalaki: tumahan ka ngayon sa bahay; bakit ibig
mong makialam sa iyong ikapapahamak, upang ikaw ay
mabuwal, ikaw, at ang Juda na kasama mo? 20 Nguni't hindi
dininig ni Amasias; sapagka't sa Dios, upang sila'y mabigay
sa kamay ng kanilang mga kaaway, sapagka't hinanap nila
ang mga dios ng Edom. 21 Sa gayo'y umahon si Joas na
hari sa Israel; at siya at si Amasias na hari sa Juda ay

nagtitigan sa Beth-semes, na ukol sa Juda. 22 At ang Juda
ay nalagay sa kasamasamaan sa harap ng Israel; at sila'y
nagsitakas bawa't isa sa kanikaniyang tolda. 23 At kinuha ni
Joas na hari sa Israel si Amasias na hari sa Juda, na anak
ni Joas, na anak ni Joachaz, sa Beth-semes, at dinala siya
sa Jerusalem, at ibinagsak ang kuta ng Jerusalem mula sa
pintuang-bayan ng Ephraim hanggang sa pintuang-bayan ng
sulok, na apat na raang siko. 24 At kinuha niya ang lahat
na ginto at pilak, at lahat na sisidlan na nasumpungan sa
bahay ng Dios na kay Obed-edom; at ang mga kayamanan
ng bahay ng hari, pati ng mga sanglang tao, at bumalik sa
Samaria. 25 At si Amasias na anak ni Joas na hari sa Juda
ay nabuhay pagkamatay ni Joas na anak ni Joachaz na hari
sa Israel na labing limang taon. 26 Ang iba nga sa mga gawa
ni Amasias, na una at huli, narito, di ba nangasusulat sa
aklat ng mga hari sa Juda at sa Israel? 27 Mula sa panahon
nga na humiwalay si Amasias sa pagsunod sa Panginoon ay
nagsipagbanta sila laban sa kaniya sa Jerusalem; at siya'y
tumakas sa Lachis: nguni't pinasundan nila siya sa Lachis,
at pinatay siya roon. 28 At dinala siya na nakapatong sa
mga kabayo, at inilibing siya na kasama ng kaniyang mga
magulang sa bayan ng Juda.

**26** At kinuha ng buong bayan ng Juda si Uzzias na
may labing anim na taon, at ginawa siyang hari na
kahalili ng kaniyang ama na si Amasias. 2 Kaniyang itinayo
ang Eloth at isinauli sa Juda, pagkatapos na ang hari ay
makatulog na kasama ng kaniyang mga magulang. 3 May
labing anim na taon si Uzzias nang siya'y magpasimulang
maghari; at siya'y nagharing limangpu't dalawang taon sa
Jerusalem: at ang pangalan ng kaniyang ina ay Jecholia
na taga Jerusalem. 4 At siya'y gumawa ng matuwid sa
harap ng mga mata ng Panginoon, ayon sa lahat na ginawa
ng kaniyang amang si Amasias. 5 At siya'y tumalagang
hanapin ang Dios sa mga kaarawan ni Zacharias, na siyang
maalam sa pangitain sa Dios: at habang kaniyang hinahanap
ang Panginoon, pinagiginhawa siya ng Dios. 6 At siya'y
lumabas at nakipagdigma laban sa mga Filisteo, at ibinagsak
ang kuta ng Gath, at ang kuta ng Jabnia, at ang kuta ng
Asdod; at siya'y nagtayo ng mga bayan sa lupain ng Asdod,
at sa gitna ng mga Filisteo. 7 At tinulungan siya ng Dios
laban sa mga Filisteo, at laban sa mga taga Arabia na
nagsisitahan sa Gurbaal, at sa mga Meunim. 8 At ang mga
Ammonita ay nagsipagbigay ng mga kaloob kay Uzzias; at
ang kaniyang pangalan ay lumaganap hanggang sa pasukan
ng Egipto; sapagka't siya'y lumakas na mainam. 9 Bukod
dito'y si Uzzias ay nagtayo ng mga moog sa Jerusalem sa
pintuang-bayan na nasa panulok, at sa pintuang-bayan sa
libis, at sa pagliko ng kuta, at mga pinagtibay. 10 At siya'y
nagtayo ng mga moog sa ilang, at humukay ng maraming
balon, sapagka't siya'y nagkaroon ng maraming kawan; sa
mababang lupa rin naman, at sa kapatagan; at siya'y may
mangbubukid at manggagawa sa ubasan sa mga bundok
at sa mga mabungang bukid; sapagka't siya'y may hilig
sa bukiran. 11 Bukod dito'y si Uzzias ay may hukbo ng
mga manglalaban, na nagsisilabas sa pakikipagdigma na
pulupulutong ayon sa bilang ng kanilang kabilangan na
ginawa ni Jehiel na kalihim, at ni Maasias na pinuno, sa
kapangyarihan ni Hananias, na isa sa mga punong kawal
ng hari. 12 Ang buong bilang ng mga pangulo ng mga
sangbahayan ng mga magulang, na mga makapangyarihang
lalaking matatapang, ay dalawang libo at anim na raan.
13 At sa kapangyarihan ng kanilang kamay ay may isang
maayos na hukbo, na tatlong daan at pitong libo at limang
daan, na nakikipagdigmang may malakas na kapangyarihan,
upang tulungan ang hari laban sa kaaway. 14 At ipinaghanda
sila ni Uzzias sa makatuwid baga'y ang buong hukbo, ng
mga kalasag, at mga sibat, at ng mga turbante, at ng mga
sapyaw, at ng mga busog, at ng mga bato na ukol sa
panghilagpos. 15 At siya'y gumawa sa Jerusalem ng mga
makina, na katha ng mga bihasang tao, upang malagay
sa mga moog at sa kuta upang magpahilagpos ng mga
pana at mga malaking bato. At ang kaniyang pangalan
ay lumaganap na mainam: sapagka't siya'y tinulungang
kagilagilalas hanggang sa siya'y lumakas. 16 Nguni't nang
siya'y lumakas, ang kaniyang puso ay nagmataas, na anopa't
siya'y gumawa ng kapahamakan, at siya'y sumalangsang
laban sa Panginoon niyang Dios; sapagka't siya'y pumasok
sa templo ng Panginoon upang magsunog ng kamangyan
sa ibabaw ng dambana ng kamangyan. 17 At si Azarias na
saserdote ay pumasok pagkatapos niya, at kasama niya'y
walong pung saserdote ng Panginoon, na mga matapang
na lalake: 18 At kanilang hinadlangan si Uzzias na hari,
at nagsipagsabi sa kaniya, Hindi nauukol sa iyo, Uzzias,
na magsunog ng kamangyan sa Panginoon, kundi sa
mga saserdote na mga anak ni Aaron, na mga itinalaga
na magsunog ng kamangyan; lumabas ka sa santuario;
sapagka't ikaw ay sumalangsang; ni di magiging karangalan
sa iyo sa ganang Panginoong Dios. 19 Nang magkagayo'y si
Uzzias ay naginit; at siya'y may suuban sa kaniyang kamay
upang magsunog ng kamangyan; at habang siya'y nagiinit sa
mga saserdote, ang ketong ay lumabas sa kaniyang noo sa
harap ng mga saserdote sa bahay ng Panginoon, sa siping
ng dambana ng kamangyan, 20 At si Azarias na punong
saserdote, at ang lahat ng mga saserdote, ay nagsitingin
sa kaniya, at narito, siya'y may ketong sa kaniyang noo, at
kanilang itinulak siya na madalian mula roon; oo, siya nama'y
nagmadaling lumabas sapagka't sinaktan siya ng Panginoon.
21 At si Uzzias na hari ay nagkaketong hanggang sa araw

ng kaniyang kamatayan, at tumahan sa bahay na bukod
dahil sa may ketong: sapagka't siya'y nahiwalay sa bahay
ng Panginoon; at si Joatham na kaniyang anak ay katiwala
ng bahay ng hari, na humahatol sa bayan ng lupain. **22** Ang
iba nga sa mga gawa ni Uzzias, na una at huli, isinulat ni
Isaias na propeta, na anak ni Amos. **23** Sa gayo'y natulog si
Uzzias na kasama ng kaniyang mga magulang; at inilibing
nila siya na kasama ng kaniyang mga magulang sa parang
na libingan na ukol sa mga hari; sapagka't kanilang sinabi,
Siya'y may ketong: at si Joatham na kaniyang anak ay
naghari na kahalili niya.

**27** Si Joatham ay may dalawangpu't limang taon nang
siya'y magpasimulang maghari; at siya'y nagharing
labing anim na taon sa Jerusalem: at ang pangalan ng
kaniyang ina ay Jerusa na anak ni Sadoc. **2** At siya'y gumawa
ng matuwid sa harap ng mga mata ng Panginoon, ayon
sa lahat na ginawa ng kaniyang amang si Uzzias: gayon
ma'y hindi siya pumasok sa templo ng Panginoon, At ang
bayan ay gumawa pa ng kapahamakan. **3** Siya'y nagtayo ng
mataas na pintuang-daan ng bahay ng Panginoon, at sa
kuta ng Ophel ay nagtayo siya ng marami. **4** Bukod dito'y
nagtayo siya ng mga bayan sa lupaing maburol ng Juda,
at sa mga gubat ay nagtayo siya ng mga palasyo at mga
moog. **5** Siya'y nakipaglaban din naman sa hari ng mga
anak ni Ammon, at nanaig laban sa kanila. At ang mga
anak ni Ammon ay nagsipagbigay sa kaniya ng taon ding
yaon ng isang daang talentong pilak, at sangpung libong
karo ng trigo, at sangpung libo ng sebada. Gayon ding
karami ang ibinayad ng mga anak ni Ammon sa kaniya sa
ikalawang taon naman, at sa ikatlo. **6** Sa gayo'y si Joatham
ay naging makapangyarihan, sapagka't kaniyang inayos
ang kaniyang mga lakad sa harap ng Panginoon niyang
Dios. **7** Ang iba nga sa mga gawa ni Joatham, at ang lahat
niyang mga pakikipagdigma, at ang kaniyang mga lakad,
narito, nangasusulat sa aklat ng mga hari sa Israel, at sa
Juda. **8** Siya'y may dalawangpu't limang taon nang siya'y
magpasimulang maghari, at nagharing labing anim na taon
sa Jerusalem. **9** At si Joatham ay natulog na kasama ng
kaniyang mga magulang, at inilibing nila siya sa bayan ni
David: at si Achaz na kaniyang anak ay naghari na kahalili
niya.

**28** Si Achaz ay may dalawangpung taon nang siya'y
magpasimulang maghari; at siya'y nagharing labing
anim na taon sa Jerusalem: at hindi siya gumawa ng matuwid
sa harap ng mga mata ng Panginoon, na gaya ni David na
kaniyang magulang. **2** Kundi siya'y lumakad ng mga lakad
ng mga hari sa Israel, at iginawa rin naman ng mga larawang
binubo ang mga Baal. **3** Bukod dito'y nagsunog siya ng
kamangyan sa libis ng anak ni Hinnom, at sinunog ang
kaniyang mga anak sa apoy, ayon sa mga karumaldumal
ng mga bansa, na mga pinalayas ng Panginoon sa harap
ng mga anak ni Israel. **4** At siya'y naghain at nagsunog
ng kamangyan sa mga mataas na dako, at sa mga burol,
at sa ilalim ng bawa't punong kahoy na sariwa. **5** Kaya't
ibinigay ng Panginoon niyang Dios siya sa kamay ng hari sa
Siria; at sinaktan nila siya, at tumangay sa kaniya ng isang
malaking karamihang bihag, at mga dinala sa Damasco. At
siya nama'y nabigay sa kamay ng hari sa Israel na siyang
sumakit sa kaniya ng malaking pagpatay. **6** Sapagka't si
Peca na anak ni Remalias ay pumatay sa Juda ng isang
daan at dalawangpung libo sa isang araw, silang lahat ay
mga matapang na lalake; sapagka't kanilang pinabayaan
ang Panginoon, ang Dios ng kanilang mga magulang. **7** At
pinatay ni Zichri, na makapangyarihang lalake sa Ephraim,
si Maasias na anak ng hari, at si Azricam na pinuno sa
bahay, at si Elcana na pangalawa ng hari. **8** At ang mga
anak ni Israel ay nagsipagdala ng bihag sa kanilang mga
kapatid na dalawang daang libo, mga babae, mga anak
na lalake at babae, at nagsipaglabas din ng maraming
samsam na mula sa kanila, at dinala ang samsam sa
Samaria. **9** Nguni't isang propeta ng Panginoon ay nandoon,
na ang pangalan ay Obed: at siya'y lumabas na sinalubong
ang hukbo na dumarating sa Samaria, at sinabi sa kanila,
Narito, sapagka't ang Panginoon, ang Dios ng inyong mga
magulang, ay naginit sa Juda, ay ibinigay niya sila sa inyong
kamay, at inyong pinatay sila sa isang pagaalab ng loob
na umaabot hanggang sa langit. **10** At ngayo'y inyong
inaakalang pasukuin ang mga anak ni Juda at ng Jerusalem
na maging pinaka aliping lalake at babae sa inyo: wala ba
kayong pagsalangsang sa inyong sarili laban sa Panginoon
ninyong Dios? **11** Ngayo'y dinggin nga ninyo ako, at pabalikin
ninyo ang mga bihag, na inyong kinuhang bihag sa inyong
mga kapatid: sapagka't ang malaking pagiinit ng Panginoon
ay dumating sa inyo. **12** Nang magkagayo'y ilan sa mga
pangulo sa mga anak ni Ephraim, si Azarias na anak ni
Johanan, si Berachias na anak ni Mesillemoth at si Ezechias
na anak ni Sallum, at si Amasa na anak ni Hadlai, ay
nagsitayo laban sa kanila na nanggaling sa pakikipagdigma,
**13** At sinabi sa kanila, Huwag kayong magsisipagdala ng mga
bihag dito: sapagka't inyong inaakala na magdala sa atin ng
pagsalangsang laban sa Panginoon, upang idagdag sa ating
mga kasalanan at sa ating mga pagsalangsang: sapagka't
ang ating pagsalangsang ay malaki, at may malaking pagiinit
laban sa Israel. **14** Sa gayo'y iniwan ng mga lalaking may
sakbat ang mga bihag at ang mga samsam sa harap ng
mga prinsipe at ng buong kapisanan. **15** At ang mga lalaking
nasaysay sa pangalan ay nagsitindig, at kinuha ang mga

bihag, at sa samsam ay binihisan ang lahat na hubad sa
kanila, at dinamtan at sinapatusan, at mga pinakain at
pinainom, at mga pinahiran ng langis, at dinala ang lahat na
mahina sa kanila na nakasakay sa mga asno, at mga dinala
sa Jerico, na bayan ng mga puno ng palma, sa kanilang mga
kapatid: saka nagsibalik sila sa Samaria. **16** Nang panahong
yao'y nagsugo ang haring Achaz sa mga hari sa Asiria
upang tulungan siya. **17** Sapagka't nagsiparoon uli ang mga
Idumeo at sinaktan ang Juda, at dinalang bihag. **18** Nilusob
naman ng mga Filisteo ang mga bayan ng mababang lupain,
at ang Timugan ng Juda, at sinakop ang Beth-semes, at
ang Ajalon, at ang Gederoth, at ang Socho pati ang mga
nayon niyaon, at ang Timna pati ang mga nayon niyaon, ang
Gimzo man at ang mga nayon niyaon: at sila'y nagsitahan
doon. **19** Sapagka't ibinaba ng Panginoon ang Juda dahil
kay Achaz na hari sa Israel; sapagka't hinubaran ang Juda,
at sumalangsang na mainam laban sa Panginoon. **20** At si
Tilgath-pilneser na hari sa Asiria ay naparoon sa kaniya,
at ginipit siya, nguni't hindi siya pinalakas. **21** Sapagka't si
Achas ay kumuha ng bahagi sa bahay ng Panginoon, at
sa bahay ng hari at sa mga prinsipe, at ibinigay sa hari
sa Asiria: nguni't hindi siya tinulungan. **22** At sa panahon
ng kaniyang kagipitan ay lalo pa manding sumalangsang
siya laban sa Panginoon, ang hari ring ito na si Achaz.
**23** Sapagka't siya'y naghain sa mga dios ng Damasco, na
sumakit sa kaniya: at sinabi niya, Sapagka't tinulungan sila
ng mga dios ng mga hari sa Siria, kaya't ako'y maghahain
sa kanila, upang tulungan nila ako. Nguni't sila ang naging
kapahamakan niya at ng buong Israel. **24** At pinisan ni Achaz
ang mga sisidlan ng bahay ng Dios, at pinagputolputol ang
mga sisidlan ng bahay ng Dios, at isinara ang mga pinto ng
bahay ng Panginoon; at siya'y gumawa sa kaniya ng mga
dambana sa bawa't sulok ng Jerusalem. **25** At sa bawa't
iba't ibang bayan ng Juda ay gumawa siya ng mga mataas
na dako upang pagsunugan ng kamangyan sa mga ibang
dios, at minungkahi sa galit ang Panginoon, ang Dios ng
kaniyang mga magulang. **26** Ang iba nga sa kaniyang mga
gawa, at ang lahat niyang mga lakad, na una at huli, narito,
nangasusulat sa aklat ng mga hari sa Juda at Israel. **27** At si
Achaz ay natulog na kasama ng kaniyang mga magulang, at
inilibing nila siya sa bayan, sa Jerusalem; sapagka't hindi
nila dinala siya sa mga libingan ng mga hari sa Israel: at si
Ezechias na kaniyang anak ay naghari na kahalili niya.

**29** Si Ezechias ay nagpasimulang maghari nang siya'y
dalawangpu't limang taon: at siya'y naghari na
dalawangpu't siyam na taon sa Jerusalem, at ang pangalan
ng kaniyang ina ay Abia na anak ni Zacharias. **2** At siya'y
gumawa ng matuwid sa harap ng mga mata ng Panginoon,
ayon sa lahat na ginawa ni David na kaniyang magulang. **3**
Siya'y nagbukas sa unang taon ng kaniyang paghahari, na
unang buwan, ng mga pinto ng bahay ng Panginoon, at mga
hinusay. **4** At kaniyang ipinasok ang mga saserdote at mga
Levita, at pinisan sila sa maluwang na dako sa silanganan,
**5** At sinabi sa kanila, Dinggin ninyo ako, ninyong mga Levita;
ngayo'y mangagpakabanal kayo, at italaga ninyo ang bahay
ng Panginoon, ang Dios ng inyong mga magulang, at ilabas
ninyo ang dumi mula sa dakong banal. **6** Sapagka't ang
ating mga magulang ay nagsisalangsang, at nagsigawa
ng masama sa paningin ng Panginoon nating Dios, at
pinabayaan siya, at itinalikod ang kanilang mga mukha sa
tahanan ng Panginoon, at nagsitalikod. **7** Kanila ring isinara
ang mga pinto ng portiko, at pinatay ang mga ilawan, at
hindi nagsipagsunog ng kamangyan ni nagsipaghandog man
ng mga handog na susunugin sa dakong banal sa Dios ng
Israel. **8** Kaya't ang pagiinit ng Panginoon ay dumating sa
Juda at Jerusalem, at ibinigay niya sila upang hamakin saa't
saan man, upang maging katigilan, at kasutsutan, gaya ng
inyong nakikita ng inyong mga mata. **9** Sapagka't narito, ang
ating mga magulang ay nangabuwal sa pamamagitan ng
tabak, at ang ating mga anak na lalake at babae at ang
ating mga asawa ay nangasa pagkabihag dahil dito. **10**
Nasa akin ngang puso na makipagtipan sa Panginoon, sa
Dios ng Israel, upang ang kaniyang malaking galit ay maalis
sa atin. **11** Mga anak ko, huwag kayong mangagpabaya:
sapagka't pinili kayo ng Panginoon upang magsitayo sa
harap niya, upang magsipangasiwa sa kaniya, at kayo'y
maging kaniyang mga tagapangasiwa, at mangagsunog
kayo ng kamangyan. **12** Nang magkagayo'y nagsitindig ang
mga Levita, si Mahath na anak ni Amasai, at si Joel na
anak ni Azarias sa mga anak ng mga Coathita: at sa mga
anak ni Merari, si Cis na anak ni Abdi, at si Azarias na
anak ni Jehaleleel: at sa mga Gersonita, si Joah na anak ni
Zimma, at si Eden na anak ni Joah: **13** At sa mga anak ni
Elisaphan, si Simri, at si Jehiel: at sa mga anak ni Asaph, si
Zacharias at si Mathanias: **14** At sa mga anak ni Heman, si
Jehiel at si Simi: at sa mga anak ni Jeduthun, si Semeias at
si Uzziel. **15** At pinisan nila ang kanilang mga kapatid, at
nangagpakabanal, at nagsipasok ayon sa utos ng hari sa
pamamagitan ng mga salita ng Panginoon, upang linisin ang
bahay ng Panginoon. **16** At ang mga saserdote ay nagsipasok
sa pinakaloob ng bahay ng Panginoon, upang linisin, at
inilabas ang lahat na dumi na kanilang nasumpungan sa
templo ng Panginoon. At kinuha ng mga Levita upang
ilabas sa batis ng Cedron. **17** Sila nga'y nagpasimula na
mangagpakabanal nang unang araw ng unang buwan,
at nang ikawalong araw ng buwan ay nagsiparoon sila
sa portiko ng Panginoon; at kanilang itinalaga ang bahay
ng Panginoon sa walong araw; at sa ikalabing anim na

araw ng unang buwan ay kanilang niwakasan. 18 Nang
magkagayo'y kanilang pinasok si Ezechias na hari, sa loob
ng palasio, at kanilang sinabi, Aming nilinis ang buong bahay
ng Panginoon, at ang dambana ng handog na susunugin,
pati ng lahat na kasangkapan niyaon, at ang dulang ng
tinapay na handog, pati ng lahat na kasangkapan niyaon. 19
Bukod dito'y lahat na kasangkapan, na inihagis ng haring
Achaz sa kaniyang paghahari, nang siya'y sumalangsang,
aming inihanda at itinalaga, at, narito, nangasa harap ng
dambana ng Panginoon. 20 Nang magkagayo'y si Ezechias
na hari ay bumangong maaga, at pinisan ang mga prinsipe
ng bayan, at sumampa sa bahay ng Panginoon. 21 At
sila'y nagsipagdala ng pitong baka, at pitong tupa, at pitong
kordero, at pitong kambing na lalake, na pinakahandog dahil
sa kasalanan sa ikagagaling ng kaharian, at ng santuario, at
ng Juda. At siya'y nagutos sa mga saserdote na mga anak ni
Aaron na ihandog ang mga yaon sa dambana ng Panginoon.
22 Sa gayo'y kanilang pinatay ang mga baka, at tinanggap ng
mga saserdote ang dugo, at iniwisik sa dambana: at kanilang
pinatay ang mga tupa, at iwinisik ang dugo sa ibabaw ng
dambana: pinatay rin nila ang mga kordero, at iniwisik ang
dugo sa ibabaw ng dambana. 23 At kanilang inilapit ang
mga kambing na lalake na pinakahandog dahil sa kasalanan
sa harap ng hari at ng kapisanan; at ipinatong nila ang
kanilang mga kamay sa mga yaon: 24 At mga pinatay ng
mga saserdote, at sila'y nagsigawa ng isang handog dahil sa
kasalanan sa pamamagitan ng dugo ng mga yaon sa ibabaw
ng dambana, upang itubos sa buong Israel: sapagka't iniutos
ng hari na ang handog na susunugin at ang handog dahil sa
kasalanan ay gagawin para sa buong Israel. 25 At kaniyang
inilagay ang mga Levita sa bahay ng Panginoon na may
mga simbalo, may mga salterio, at may mga alpa, ayon sa
utos ni David, at ni Gad na tagakita ng hari, at ni Nathan
na propeta: sapagka't ang utos ay mula sa Panginoon sa
pamamagitan ng kaniyang mga propeta. 26 At ang mga
Levita ay nagsitayo na may mga panugtog ni David, at ang
mga saserdote na may mga pakakak. 27 At si Ezechias
ay nagutos na maghandog ng handog na susunugin sa
ibabaw ng dambana. At nang ang handog na susunugin ay
pasimulan, ang awit sa Panginoon ay pinasimulan naman, at
ang mga pakakak, pati ang mga panugtog ni David na hari
sa Israel. 28 At ang buong kapisanan ay sumamba, at ang
mga mangaawit ay nagsiawit, at ang mga manghihihip ng
pakakak ay nangagpatunog; lahat ng ito ay ipinagpatuloy
hanggang sa ang handog na susunugin ay natapos. 29
At nang sila'y makatapos ng paghahandog ang hari at
ang lahat na nakaharap na kasama niya ay nagsiyukod at
nagsisamba. 30 Bukod dito'y iniutos ni Ezechias na hari at
ng mga prinsipe sa mga Levita na magsiawit ng mga pagpuri
sa Panginoon sa pamamagitan ng mga salita ni David, at ni
Asaph na tagakita. At sila'y nagsiawit ng mga pagpuri na
may kasayahan, at kanilang itinungo ang kanilang mga ulo
at nagsisamba. 31 Nang magkagayo'y sumagot si Ezechias
na nagsabi, Ngayo'y nagsitalaga kayo sa Panginoon, kayo'y
magsilapit at mangagdala ng mga hain at mga handog na
pasalamat sa bahay ng Panginoon: At nagdala ng mga hain
at ng mga handog na pasalamat ang kapisanan; at lahat ng
may kusang kalooban ay nagsipagdala ng mga handog na
susunugin. 32 At ang bilang ng mga handog na susunugin
na dinala ng kapisanan, pitongpung baka, isang daang
tupang lalake, dalawang daang kordero: lahat ng mga ito ay
pinakahandog na susunugin sa Panginoon. 33 At ang mga
bagay na itinalaga ay anim na raang baka at tatlong libong
tupa. 34 Nguni't ang mga saserdote ay naging kakaunti,
na anopa't hindi nila malapnusan ang lahat na handog na
susunugin kaya't tinulungan sila ng kanilang mga kapatid na
mga Levita, hanggang sa natapos ang gawain, at hanggang
sa nangagpakabanal ang mga saserdote; sapagka't ang mga
Levita ay matuwid ang puso na mangagpakabanal na higit
kay sa mga saserdote. 35 At ang mga handog na susunugin
naman ay sagana, pati ang taba ng mga handog tungkol sa
kapayapaan, at pati ang mga handog na inumin na ukol sa
bawa't handog na susunugin. Sa gayo'y ang paglilingkod
sa bahay ng Panginoon ay naayos. 36 At si Ezechias ay
nagalak, at ang buong bayan, dahil sa inihanda ng Dios ang
bayan: sapagka't ang bagay ay biglang nagawa.

**30** At si Ezechias ay nagsugo sa buong Israel at Juda, at
sumulat ng mga liham naman sa Ephraim at Manases,
na sila'y magsiparoon sa bahay ng Panginoon sa Jerusalem,
upang ipangilin ang paskua sa Panginoon, sa Dios ng Israel.
2 Sapagka't ang hari ay nakipagsanggunian, at ang kaniyang
mga prinsipe, at ang buong kapisanan sa Jerusalem, upang
ipangilin ang paskua sa ikalawang buwan. 3 Sapagka't hindi
nila maipangilin sa panahong yaon, sapagka't ang mga
saserdote ay hindi nangagpakabanal sa sukat na bilang, ni
nagsipisan man ang bayan sa Jerusalem. 4 At ang bagay
ay matuwid sa harap ng mga mata ng hari at sa buong
kapisanan. 5 Sa gayo'y itinatag nila ang pasiya upang
magtanyag sa buong Israel mula sa Beer-seba hanggang
sa Dan, na sila'y magsisiparoon na ipangilin ang paskua
sa Panginoon, sa Dios ng Israel, sa Jerusalem: sapagka't
hindi nila ipinagdiwang sa malaking bilang sa gayong paraan
na gaya ng nakasulat. 6 Sa gayo'y ang mga mangdadala
ng sulat ay nagsiyaong dala ang sulat na mula sa hari at
sa kaniyang mga prinsipe sa buong Israel at Juda, at ayon
sa utos ng hari, na sinasabi, Kayong mga anak ni Israel
manumbalik kayo sa Panginoon, sa Dios ni Abraham, ni
Isaac, at ni Israel, upang siya'y manumbalik sa nalabi na

nakatanan sa inyo na mula sa kamay ng mga hari sa Asiria.
7 At kayo'y huwag maging gaya ng inyong mga magulang, at
gaya ng inyong mga kapatid, na nagsisalangsang laban sa
Panginoon, sa Dios ng kanilang mga magulang, na anopa't
ibinigay niya sila sa pagkapahamak, gaya ng inyong nakikita.
8 Ngayo'y huwag kayong maging mapagmatigas na ulo, na
gaya ng inyong mga magulang; kundi magsitalaga kayo
sa Panginoon, at magsipasok sa kaniyang santuario, na
kaniyang itinalaga magpakailan man at kayo'y mangaglingkod
sa Panginoon ninyong Dios, upang ang kaniyang malaking
galit ay maalis sa inyo. 9 Sapagka't kung kayo'y manumbalik
sa Panginoon, ang inyong mga kapatid at ang inyong mga
anak ay mangagkakasumpong ng habag sa harap nilang
nagsibihag, at magsisibalik sa lupaing ito: sapagka't ang
Panginoon ninyong Dios ay mapagbiyaya at maawain, at
hindi itatalikod ang kaniyang mukha sa inyo, kung kayo'y
manumbalik sa kaniya. 10 Sa gayo'y ang mangdadala ng
sulat ay nagdaan sa bayan at bayan sa lupain ng Ephraim at
Manases hanggang sa Zabulon: nguni't sila'y tinatawanang
mainam, at tinutuya sila. 11 Gayon ma'y ang iba sa Aser,
at sa Manases, at sa Zabulon ay nangagpakumbaba, at
nagsiparoon sa Jerusalem. 12 Suma Juda naman ang
kamay ng Dios upang papagisahing puso sila upang gawin
ang utos ng hari at ng mga prinsipe sa pamamagitan ng
salita ng Panginoon. 13 At nagpupulong sa Jerusalem ang
maraming tao upang ipagdiwang ang kapistahan ng tinapay
na walang lebadura sa ikalawang buwan, na isang totoong
malaking kapisanan. 14 At sila'y nagsitindig at inalis ang mga
dambana na nangasa Jerusalem, at ang lahat na dambana
na ukol sa kamangyan ay inalis nila, at kanilang inihagis sa
batis ng Cedron. 15 Nang magkagayo'y kanilang pinatay ang
kordero ng paskua nang ikalabing apat ng ikalawang buwan:
at ang mga saserdote at ang mga Levita ay nangapahiya,
at nangagpakabanal, at nangagdala ng mga handog na
susunugin sa bahay ng Panginoon. 16 At sila'y nagsitayo sa
kanilang dako ayon sa kanilang ayos, ayon sa kautusan ni
Moises na lalake ng Dios: iniwisik ng mga saserdote ang
dugo, na kanilang tinanggap sa kamay ng mga Levita. 17
Sapagka't marami sa kapisanan na hindi nangagpakabanal;
kaya't ang mga Levita ang may katungkulan ng pagpatay
sa kordero ng paskua na ukol sa bawa't isa na hindi
malinis, upang mga italaga sa Panginoon. 18 Sapagka't
isang karamihan sa bayan, sa makatuwid baga'y marami sa
Ephraim at sa Manases, sa Issachar, at sa Zabulon, ay hindi
nangagpakalinis, gayon ma'y nagsikain sila ng kordero ng
paskua na hindi gaya ng nasusulat. Sapagka't idinalangin
sila ni Ezechias, na sinasabi, Patawarin nawa ng mabuting
Panginoon ang bawa't isa. 19 Na naglalagak ng kaniyang
puso upang hanapin ang Dios, ang Panginoon, ang Dios
ng kaniyang mga magulang, bagaman hindi siya nalinis ng
ayon sa paglilinis sa santuario. 20 At dininig ng Panginoon si
Ezechias, at pinagaling ang bayan. 21 At ang mga anak
ni Israel na nakaharap sa Jerusalem ay nagdiwang ng
kapistahan ng tinapay na walang lebadura na pitong araw,
na may malaking kasayahan: at ang mga Levita at ang
mga saserdote ay nagsipuri araw-araw sa Panginoon na
nagsisiawit na may matunog na panugtog sa Panginoon. 22
At si Ezechias ay nagsalitang may kagandahang loob sa lahat
na Levita sa mga matalino sa paglilingkod sa Panginoon. Sa
gayo'y nagsikain sila sa buong kapistahan sa loob ng pitong
araw, na nangaghahandog ng mga hain na mga handog
tungkol sa kapayapaan, at nangagpahayag ng kasalanan sa
Panginoon, sa Dios ng kanilang mga magulang. 23 At ang
buong kapisanan ay nagsanggunian upang magdiwang ng
ibang pitong araw: at sila'y nangagdiwang ng ibang pitong
araw na may kasayahan. 24 Sapagka't si Ezechias na hari
sa Juda ay nagbigay sa kapisanan ng pinakahandog na
isang libong baka at pitong libong tupa; at ang mga prinsipe
ay nangagbigay sa kapisanan ng isang libong baka at
sangpung libong tupa; at lubhang maraming bilang ng mga
saserdote ay nangagpakabanal. 25 At ang buong kapisanan
ng Juda, pati ng mga saserdote at mga Levita, at ang buong
kapisanan na lumabas sa Israel, at ang mga taga ibang lupa
na nagsilabas sa lupain ng Israel, at nagsitahan sa Juda, ay
nangagalak. 26 Sa gayo'y nagkaroon ng malaking kagalakan
sa Jerusalem: sapagka't mula sa panahon ni Salomon na
anak ni David na hari sa Israel, ay hindi nagkaroon ng gayon
sa Jerusalem. 27 Nang magkagayo'y ang mga saserdote
na mga Levita ay nagsitindig at binasbasan ang bayan: at
ang kanilang tinig ay narinig, at ang kanilang dalangin ay
umilanglang sa kaniyang banal na tahanan, hanggang sa
langit.

**31** Nang matapos nga ang lahat ng ito, ang buong Israel
na nakaharap ay lumabas sa mga bayan ng Juda, at
pinagputolputol ang mga haligi na pinakaalaala, at ibinuwal
ang mga Asera, at iginiba ang mga mataas na dako at
ang mga dambana mula sa buong Juda at Benjamin,
sa Ephraim man at sa Manases, hanggang sa kanilang
naigibang lahat. Nang magkagayo'y ang lahat ng mga anak
ni Israel ay nagsibalik, bawa't isa'y sa kaniyang pag-aari, sa
kanilang sariling mga bayan. 2 At inihalal ni Ezechias ang
mga bahagi ng mga saserdote, at ng mga Levita ayon sa
kanilang pagkakabahagi, bawa't lalake ay ayon sa kaniyang
katungkulan, ang mga saserdote at gayon din ang mga
Levita, na ukol sa mga handog na susunugin at sa mga
handog tungkol sa kapayapaan, upang magsipangasiwa, at
upang mangagpasalamat, at upang mangagpuri sa mga
pintuang-daan ng hantungan ng Panginoon. 3 Itinakda

naman niya ang bahagi ng hari sa kaniyang pag-aari na ukol
sa mga handog na susunugin, sa makatuwid baga'y sa mga
handog na susunugin sa umaga at sa hapon, at ang mga
handog na susunugin sa mga sabbath, at sa mga bagong
buwan, at sa mga takdang kapistahan, na gaya ng nakasulat
sa kautusan ng Panginoon. **4** Bukod dito'y inutusan niya ang
bayan na tumatahan sa Jerusalem, na ibigay ang pagkain
ng mga saserdote at ng mga Levita, upang magsitalaga
sa kautusan ng Panginoon. **5** At paglabas ng utos, ang
mga anak ni Israel ay nangagbigay na sagana ng mga
unang bunga ng trigo, alak, at langis, at pulot, at sa lahat na
bunga sa bukid; at ang ikasangpung bahagi ng lahat na
bagay ay dinala nila na sagana. **6** At ang mga anak ni Israel
at ni Juda, na nagsisitahan sa mga bayan ng Juda, sila
nama'y nangagdala ng ikasangpung bahagi ng mga baka at
mga tupa, at ng ikasangpung bahagi ng mga itinalagang
bagay na mga itinalaga sa Panginoon nilang Dios, at inilagay
ang mga yaon na bunton bunton. **7** Nang ikatlong buwan
ay nangagpasimula silang naglagay ng pasimula ng mga
bunton, at nangatapos sa ikapitong buwan. **8** At nang
pumaroon si Ezechias at ang mga prinsipe at makita ang
mga bunton, kanilang pinuri ang Panginoon, at ang kaniyang
bayang Israel. **9** Nang magkagayo'y nagtanong si Ezechias
sa mga saserdote at sa mga Levita tungkol sa mga bunton.
**10** At si Azarias na punong saserdote sa bahay ni Sadoc, ay
sumagot sa kaniya, at nagsabi, Mula ng magpasimulang
magdala ang bayan ng mga alay sa bahay ng Panginoon,
kami ay nagsikain at nangabusog kami, at lumabis ng
sagana sapagka't pinagpala ng Panginoon ang kaniyang
bayan; at ang naiwan ay ang malaking kasaganaang ito. **11**
Nang magkagayo'y nagutos si Ezechias na maghanda ng
mga silid sa bahay ng Panginoon; at inihanda nila. **12** At
kanilang pinagdalhan ng mga alay at ng mga ikasangpung
bahagi, at ng mga itinalagang bagay, na may pagtatapat.
At sa mga yaon ay katiwala si Chonanias na Levita, at
si Simi na kaniyang kapatid ay siyang ikalawa. **13** At si
Jehiel, at si Azazias, at si Nahat, at si Asael, at si Jerimoth,
at si Josabad, at si Eliel, at si Ismachias, at si Mahaath,
at si Benaias, ay mga tagapangasiwa sa kapangyarihan
ng kamay ni Chonanias, at ni Simi na kaniyang kapatid,
ayon sa pagkahalal ni Ezechias, na hari, at ni Azarias
na tagapamahala sa bahay ng Dios. **14** At si Core na
anak ni Imna na Levita, na tagatanod-pinto sa silanganang
pintuang-daan, ay katiwala sa mga kusang handog sa Dios,
upang magbahagi ng mga alay sa Panginoon, at ng mga
kabanalbanalang bagay. **15** At nasa kapangyarihan niya si
Eden, at si Benjamin, at si Jeshua, at si Semaias, si Amarias,
at si Sechanias, sa mga bayan ng mga saserdote, sa
kanilang takdang katungkulan, upang magbigay sa kanilang
mga kapatid ng ayon sa mga bahagi, gayon sa malaki na
gaya sa maliit: **16** Bukod doon sa nangabilang sa mga talaan
ng lahi ng mga lalake, na mula sa tatlong taong gulang na
patanda, sa makatuwid baga'y sa bawa't pumapasok sa
bahay ng Panginoon, ayon sa kailangan sa bawa't araw, na
ukol sa kanilang paglilingkod sa kanilang mga katungkulan
ayon sa kanilang mga bahagi. **17** At silang mangabilang sa
pamamagitan ng talaan ng lahi ng mga saserdote ayon sa
sangbahayan ng kanilang mga magulang, at ang mga Levita
mula sa dalawangpung taong gulang na patanda, sa kanilang
mga katungkulan ayon sa kanilang mga bahagi; **18** At silang
nangabilang sa pamamagitan ng talaan ng lahi ng lahat
nilang mga bata, ng kanilang mga asawa, at ng kanilang
mga anak na lalake at babae, sa buong kapisanan: sapagka't
sa kanilang takdang katungkulan ay nangagpakabanal: **19**
Gayon din sa mga anak ni Aaron na mga saserdote, na
nangasa bukiran ng mga nayon ng kanilang mga bayan, sa
bawa't iba't ibang bayan, may mga lalake na nasaysay sa
pangalan, upang magbigay ng mga pagkain sa lahat na
lalake na saserdote, at sa lahat na nangabilang ayon sa
talaan ng lahi ng mga Levita. **20** At ganito ang ginawa ni
Ezechias sa buong Juda; at siya'y gumawa ng mabuti, at
matuwid, at tapat sa harap ng Panginoon niyang Dios. **21** At
sa bawa't gawain na kaniyang pinasimulan sa paglilingkod
sa bahay ng Dios, at sa kautusan at sa mga utos, upang
hanapin ang kaniyang Dios, kaniyang ginawa ng buong puso
niya, at guminhawa.

**32** Pagkatapos ng mga bagay na ito, at ng pagtatapat
na ito, ay naparoon si Sennacherib na hari sa Asiria at
pumasok sa Juda, at humantong laban sa mga bayan na
nakukutaan, at kaniyang inisip sakupin upang kaniyahin.
**2** At nang makita ni Ezechias na si Sennacherib ay
dumating, at siya'y tumalaga na lumaban sa Jerusalem, **3**
Ay nakipagsanggunian siya sa kaniyang mga prinsipe at sa
kaniyang mga makapangyarihang lalake upang patigilin ang
tubig sa mga bukal na nangasa labas ng bayan at kanilang
tinulungan siya. **4** Sa gayo'y nagpipisan ang maraming tao
sa bayan at kanilang pinatigil ang lahat na bukal, at ang batis
na umaagos sa gitna ng lupain, na sinasabi, Bakit paririto
ang mga hari sa Asiria, at makakasumpong ng maraming
tubig? **5** At siya'y nagdalang tapang, at itinayo niya ang lahat
na kuta na nabagsak, at pinataas pa ang mga moog, at
ang ibang kuta sa labas, at pinagtibay ang Millo sa bayan
ni David, at gumawa ng mga sandata at mga kalasag na
sagana. **6** At siya'y naglagay ng mga pinunong kawal sa
bayan na mangdidigma, at pinisan niya sila sa luwal na
dako sa pintuang-bayan, at nagsalita na may kagandahang
loob sa kanila, na sinasabi, **7** Kayo'y mangagpakalakas at
mangagpakatapang na mabuti, huwag ninyong katakutan

o panglupaypayan man ang hari sa Asiria, o ang buong
karamihan man na kasama niya; sapagka't may lalong
dakila sa atin kay sa kaniya: **8** Sumasakaniya ay isang
kamay na laman; nguni't sumasaatin ay ang Panginoon
nating Dios upang tulungan tayo, at ipakipaglaban ang
ating mga pagbabaka, At ang bayan ay sumandal sa mga
salita ni Ezechias na hari sa Juda. **9** Pagkatapos nito'y
sinugo ni Sennacherib na hari sa Asiria ang kaniyang
mga lingkod sa Jerusalem, (siya nga'y nasa harap ni
Lachis, at ang kaniyang buong kapangyarihan ay sumasa
kaniya, ) kay Ezechias na hari sa Juda, at sa buong Juda
na nasa Jerusalem, na sinasabi, **10** Ganito ang sabi ni
Sennacherib na hari sa Asiria, Sa ano kayo nagsisiasa na
kayo'y nagsisitahan sa pagkakubkob sa Jerusalem? **11** Hindi
ba kayo hinihikayat ni Ezechias, upang kayo'y ibigay sa
pagkamatay sa pamamagitan ng kagutom at ng kauhaw, na
sinasabi, Ililigtas tayo ng Panginoon nating Dios sa kamay
ng hari sa Asiria? **12** Hindi ba ang Ezechias ding ito ang
nagalis ng kaniyang mga mataas na dako at ng kaniyang
mga dambana, at nagutos sa Juda at sa Jerusalem, na
sinasabi, Kayo'y magsisisamba sa harap ng isang dambana,
at sa ibabaw niyao'y mangagsusunog kayo ng kamangyan.
**13** Hindi ba ninyo nalalaman, kung ano ang ginawa ko at ng
aking mga magulang sa lahat ng bayan ng mga lupain? Ang
mga dios ba ng mga bansa ng mga lupain ay nakapagligtas
sa anomang paraan ng kanilang lupain sa aking kamay?
**14** Sino sa lahat ng mga dios ng mga bansang yaon na
lubos na giniba ng aking mga magulang na nakapagligtas ng
kaniyang bayan sa aking kamay, upang kayo'y mailigtas ng
inyong Dios sa aking kamay? **15** Kaya't huwag nga kayong
padaya kay Ezechias, ni hikayatin kayo ng ganitong paraan,
ni paniwalaan man ninyo siya: sapagka't walang dios sa
alinmang bansa o kaharian na nakapagligtas ng kaniyang
bayan sa aking kamay, at sa kamay ng aking mga magulang:
gasino pa nga kaya ang inyong Dios na makapagliligtas sa
inyo sa aking kamay? **16** At ang kaniyang mga lingkod ay
nagsalita pa laban sa Panginoong Dios, at laban sa kaniyang
lingkod na si Ezechias. **17** Siya'y sumulat din ng mga sulat
upang tungayawin ang Panginoon, ang Dios ng Israel, at
upang magsalita laban sa kaniya, na sinasabi, Kung paanong
hindi iniligtas ng mga dios ng mga bansa ng mga lupain
ang kanilang bayan sa aking kamay, gayon hindi iniligtas ng
Dios ni Ezechias ang kaniyang bayan sa aking kamay. **18**
At siya'y sumigaw ng malakas sa wikang Judio sa bayan
ng Jerusalem na nasa kuta, upang takutin sila, at upang
bagabagin sila; upang kanilang masakop ang bayan. **19** At
sila'y nangagsalita tungkol sa Dios ng Jerusalem, na gaya
sa mga dios ng mga bayan sa lupa, na gawa ng mga kamay
ng mga tao. **20** At si Ezechias na hari, at si Isaias na propeta
na anak ni Amos, ay nagsidalangin dahil dito, at nagsidaing
sa langit. **21** At ang Panginoon ay nagsugo ng isang anghel,
na naghiwalay ng lahat na makapangyarihang lalaking may
tapang, at ng mga pangulo at mga pinunong kawal, sa
kampamento ng hari sa Asiria. Sa gayo'y bumalik siya na
nahihiya sa kaniyang sariling lupain. At nang siya'y dumating
sa bahay ng kaniyang dios, ay pinatay siya roon ng tabak ng
nagsilabas sa kaniyang sariling tiyan. **22** Ganito iniligtas
ng Panginoon si Ezechias at ang mga taga Jerusalem sa
kamay ni Sennacherib na hari, sa Asiria, at sa kamay ng
lahat na iba, at pinatnubayan sila sa bawa't dako. **23** At
marami ay nangagdala ng mga kaloob ng Panginoon sa
Jerusalem, at ng mga mahalagang bagay kay Ezechias
na hari sa Juda: na anopa't siya'y nataas sa paningin ng
lahat na bansa mula noon. **24** Nang mga araw na yao'y
nagkasakit ng ikamamatay si Ezechias: at siya'y dumalangin
sa Panginoon; at siya'y nagsalita sa kaniya, at binigyan niya
siya ng tanda. **25** Nguni't si Ezechias ay hindi nagbayad uli
ng ayon sa kabutihang ginawa sa kaniya; sapagka't ang
kaniyang puso ay nagmataas: kaya't nagkaroon ng kapootan
sa kaniya, at sa Juda, at sa Jerusalem. **26** Gayon ma'y
nagpakababa si Ezechias dahil sa kapalaluan ng kaniyang
puso, siya, at gayon din ang mga taga Jerusalem, na anopa't
ang poot ng Panginoon ay hindi dumating sa kanila sa mga
kaarawan ni Ezechias. **27** At si Ezechias ay nagkaroon ng
malabis na mga kayamanan at karangalan: at siya'y nagtaan
para sa kaniya, ng mga ingatang-yaman na ukol sa pilak, at
sa ginto; at sa mga mahalagang bato, at sa mga espisia, at
sa mga kalasag, at sa lahat na sarisaring mabubuting mga
sisidlan: **28** Mga kamalig din naman na ukol sa saganang
trigo, at alak at langis; at mga silungan na ukol sa lahat na
sarisaring hayop, at mga silungan na ukol sa mga kawan.
**29** Bukod dito'y nagtaan siya sa kaniya ng mga bayan, at
mga pag-aari na mga kawan at mga bakahan na sagana:
sapagka't binigyan siya ng Dios ng maraming tinatangkilik.
**30** Ang Ezechias ding ito ang nagpatigil ng pinakamataas
na bukal ng tubig sa Gihon, at ibinabang tuloy sa dakong
kalunuran ng bayan ni David. At si Ezechias ay guminhawa
sa lahat ng kaniyang mga gawa. **31** Gayon ma'y sa bagay
ng mga sugo ng mga prinsipe sa Babilonia, na nangagsugo
sa kaniya upang magusisa ng kagilagilalas na gawa sa
lupain ay pinabayaan siya ng Dios upang tikman siya, upang
kaniyang maalaman ang lahat na nasa kaniyang puso. **32**
Ang iba nga sa mga gawa ni Ezechias, at ang kaniyang
mga mabuting gawa, narito, nangakasulat sa pangitain ni
Isaias na propeta na anak ni Amos, na aklat ng mga hari, sa
Juda at Israel. **33** At si Ezechias ay natulog na kasama ng
kaniyang mga magulang, at inilibing nila siya sa ahunan
ng mga libingan ng mga anak ni David: at binigyan siyang

karangalan ng buong Juda at ng mga taga Jerusalem sa
kaniyang kamatayan. At si Manases na kaniyang anak ay
naghari na kahalili niya.

**33** Si Manases ay may labing dalawang taon nang
siya'y magpasimulang maghari; at siya'y nagharing
limang pu't limang taon sa Jerusalem. **2** At siya'y gumawa
ng masama sa paningin ng Panginoon, ayon sa mga
karumaldumal ng mga bansa, na pinalayas ng Panginoon sa
harap ng mga anak ni Israel. **3** Sapagka't kaniyang itinayo
uli ang mga mataas na dako na iginiba ni Ezechias na
kaniyang ama: at siya'y nagtayo ng mga dambana na ukol
sa mga Baal, at gumawa ng mga Asera, at sumamba sa
lahat ng natatanaw sa langit, at naglingkod sa mga yaon, **4**
At siya'y nagtayo ng mga dambana sa bahay ng Panginoon,
na pinagsabihan ng Panginoon, Sa Jerusalem ay malalagay
ang aking pangalan magpakailan man. **5** At siya'y nagtayo
ng mga dambana na ukol sa mga natatanaw sa langit sa
dalawang looban ng bahay ng Panginoon. **6** Kaniya rin
namang pinaraan ang kaniyang mga anak sa apoy sa libis
ng anak ni Hinnom: at siya'y nagpamahiin, at nagsanay
ng panggagaway at nanghula, at nakipagsanggunian sa
mga masamang espiritu, at sa mga mahiko: siya'y gumawa
ng maraming kasamaan sa paningin ng Panginoon, upang
mungkahiin niya siya sa galit. **7** At siya'y naglagay ng larawan
ng diosdiosan na inanyuan, na kaniyang ginawa, sa bahay
ng Dios na pinagsabihan ng Dios kay David, at kay Salomon
na kaniyang anak, Sa bahay na ito, at sa Jerusalem na aking
pinili sa lahat ng mga lipi ni Israel, aking ilalagay ang aking
pangalan magpakailan man: **8** Ni babaguhin pa man ang
paa ng Israel sa lupain na aking itinakda na ukol sa inyong
mga magulang, kung kanila lamang isasagawa ang lahat na
aking iniutos sa kanila, sa makatuwid baga'y ang buong
kautusan at ang mga palatuntunan at ang mga ayos, sa
pamamagitan ng kamay ni Moises. **9** At iniligaw ni Manases
ang Juda at ang mga taga Jerusalem, na anopa't sila'y
nagsigawa ng higit na sama kay sa ginawa ng mga bansang
nilipol ng Panginoon sa harap ng mga anak ni Israel. **10** At
ang Panginoon ay nagsalita kay Manases, at sa kaniyang
bayan: nguni't niwalang bahala nila. **11** Kaya't dinala ng
Panginoon sa kanila ang mga punong kawal ng hukbo ng
hari sa Asiria, na siyang nagdala kay Manases na may mga
tanikala, at ginapos siya ng mga damal, at nagdala sa kaniya
sa Babilonia. **12** At nang siya'y nasa pagkapighati siya'y
dumalangin sa Panginoon niyang Dios, at nagpakumbabang
mainam sa harap ng Dios ng kaniyang mga magulang. **13** At
siya'y dumalangin sa kaniya; at siya'y dininig, at pinakinggan
ang kaniyang pamanhik, at ibinalik siya sa Jerusalem sa
kaniyang kaharian. Nang magkagayo'y nakilala ni Manases
na ang Panginoon ay siyang Dios. **14** Pagkatapos nga nito
ay nagtayo siya ng isang kutang panglabas sa bayan ni
David, sa dakong kalunuran ng Gihon, sa libis, hanggang
sa pasukan sa pintuang-bayan ng mga isda; at kaniyang
kinulong ang Ophel, at itinaas ng malaking kataasan: at
kaniyang nilagyan ng mga matapang na pinunong kawal
ang lahat ng bayan na nakukutaan sa Juda. **15** At kaniyang
inalis ang mga dios ng iba, at ang diosdiosan sa bahay ng
Panginoon, at ang lahat na dambana na kaniyang itinayo
sa bundok ng bahay ng Panginoon, at sa Jerusalem, at
inihagis ang mga yaon mula sa bayan. **16** At kaniyang itinayo
ang dambana ng Panginoon, at naghandog doon ng mga
hain na mga handog tungkol sa kapayapaan, at tungkol sa
mga pasalamat, at inutusan ang Juda na maglingkod sa
Panginoon, sa Dios ng Israel. **17** Gayon ma'y naghain ang
bayan na nagpatuloy sa mga mataas na dako, nguni't sa
Panginoon lamang na kanilang Dios. **18** Ang iba nga sa mga
gawa ni Manases, at ang kaniyang dalangin sa kaniyang
Dios, at ang mga salita ng mga tagakita na nagsalita sa
kaniya sa pangalan ng Panginoon, ng Dios ng Israel, narito,
nangakasulat sa mga gawa ng mga hari sa Israel. **19** Gayon
din ang kaniyang panalangin, at kung paanong dininig siya,
at ang buo niyang kasalanan at pagsalangsang niya, at
ang mga dakong kaniyang pinagtayuan ng mga mataas na
dako, at pinagtindigan ng mga Asera at ng mga larawang
inanyuan, bago siya nagpakumbaba: narito, nangakasulat
sa kasaysayan ni Hozai. **20** Sa gayo'y natulog si Manases
na kasama ng kaniyang mga magulang, at inilibing nila siya
sa kaniyang sariling bahay: at si Amon na kaniyang anak
ay naghari na kahalili niya. **21** Si Amon ay may dalawang
pu't dalawang taon nang siya'y magpasimulang maghari; at
siya'y nagharing dalawang taon sa Jerusalem. **22** At siya'y
gumawa ng masama sa paningin ng Panginoon, gaya ng
ginawa ni Manases na kaniyang ama: at si Amon ay naghain
sa lahat ng larawang inanyuan na ginawa ni Manases na
kaniyang ama, at naglingkod sa mga yaon. **23** At siya'y
hindi nagpakumbaba sa harap ng Panginoon, na gaya na
pagpapakumbaba ni Manases na kaniyang ama: kundi ang
Amon ding ito ay siyang sumalangsang ng higit at higit. **24** At
ang kaniyang mga lingkod ay naghimagsik laban sa kaniya,
at pinatay siya sa kaniyang sariling bahay. **25** Nguni't pinatay
ng bayan ng lupain ang lahat na nagsipanghimagsik laban
sa haring Amon; at ginawang hari ng bayan ng lupain si
Josias na kaniyang anak na kahalili niya.

**34** Si Josias ay may walong taong gulang nang siya'y
magpasimulang maghari; at siya'y nagharing tatlong
pu't isang taon sa Jerusalem. **2** At siya'y gumawa ng
matuwid sa harap ng mga mata ng Panginoon, at lumakad
ng mga lakad ni David na kaniyang magulang, at hindi
lumiko sa kanan o sa kaliwa. **3** Sapagka't sa ikawalong

taon ng kaniyang paghahari, samantalang siya'y bata pa,
kaniyang pinasimulang hinanap ang Dios ni David na
kaniyang magulang: at sa ikalabing dalawang taon ay
kaniyang pinasimulang nilinis ang Juda at Jerusalem na
inalis ang mga mataas na dako, at ang mga Asera, at ang
mga larawang inanyuan, at ang mga larawang binubo. 4
At kanilang ibinagsak ang mga dambana ng mga Baal sa
kaniyang harapan; at ang mga larawang araw na nasa
ibabaw nila, ay kaniyang ibinagsak; at ang mga Asera, at
ang mga larawang inanyuan, at ang mga larawang binubo,
ay kaniyang pinagputolputol, at dinurog, at isinabog sa mga
libingan ng nangaghain sa kanila. 5 At sinunog niya ang
mga buto ng mga saserdote sa kanilang mga dambana, at
nilinis ang Juda at ang Jerusalem. 6 At gayon ang ginawa
niya sa mga bayan ng Manases at Ephraim at Simeon,
hanggang sa Nephtali, sa kanilang mga guho sa palibot.
7 At kaniyang ibinagsak ang mga dambana at pinukpok
ang mga Asera at ang mga larawang inanyuan ay dinurog,
at pinagputolputol ang lahat na larawang araw sa buong
lupain ng Israel, at nagbalik sa Jerusalem. 8 Sa ikalabing
walong taon nga ng kaniyang paghahari, nang kaniyang
malinis ang lupain, at ang bahay, ay kaniyang sinugo si
Saphan na anak ni Asalias, at si Maasias na tagapamahala
ng bayan, at si Joah na anak ni Joachaz na kasangguni,
upang husayin ang bahay ng Panginoon niyang Dios. 9
At sila'y nagsiparoon kay Hilcias na dakilang saserdote
at ibinigay ang salapi na napasok sa bahay ng Dios, na
nakuha ng mga Levita, na mga tagatanod-pinto, sa kamay
ng Manases at ng Ephraim, at sa lahat ng nalabi sa Israel,
at sa buong Juda, at Benjamin, at sa mga taga Jerusalem.
10 At kanilang ibinigay sa kamay ng mga manggagawa na
siyang namamahala sa bahay ng Panginoon; at ibinigay ng
mga manggagawa ng bahay ng Panginoon upang husayin
at pagtibayin ang bahay; 11 Sa makatuwid baga'y sa mga
anluwagi at sa mga nagtatayo ibinigay nila, upang ibili ng
mga batong tinabas, at ng mga kahoy na panghalang, at
upang ipaggawa ng mga sikang sa mga bahay na giniba
ng mga hari, sa Juda. 12 At ginawa ng mga lalake na may
pagtatapat ang gawain: at ang mga tagapamahala ng mga
yaon ay si Jahath at si Abdias, na mga Levita, sa mga anak
ni Merari; at si Zacharias at si Mesullam, sa mga anak ng
mga Coathita, upang ipagpatuloy: at ang iba sa mga Levita,
lahat na bihasa sa mga panugtog ng tugtugin. 13 Nasa mga
tagadala ng mga pasan naman sila, at pinamamahalaan ang
lahat na nagsisigawa ng gawain sa sarisaring paglilingkod:
at sa mga Levita ay may mga kalihim, at mga pinuno, at mga
tagatanod-pinto. 14 At nang kanilang ilalabas ang salapi na
napasok sa bahay ng Panginoon, nasumpungan ni Hilcias na
saserdote ang aklat ng kautusan ng Panginoon na ibinigay
sa pamamagitan ni Moises. 15 At si Hilcias ay sumagot, at
sinabi niya kay Saphan na kalihim: Aking nasumpungan ang
aklat ng kautusan sa bahay ng Panginoon, At ibinigay ni
Hilcias ang aklat kay Saphan. 16 At dinala ni Saphan ang
aklat sa hari, at bukod dito'y nagdala ng salita sa hari, na
sinasabi, Lahat na ipinamahala sa iyong mga lingkod, ay
kanilang ginagawa. 17 At kanilang ibinubo ang salapi na
nasumpungan sa bahay ng Panginoon, at ibinigay sa kamay
ng mga tagapamahala, at sa kamay ng mga manggagawa.
18 At sinaysay ni Saphan na kalihim sa hari, na sinasabi, Si
Hilcias na saserdote ay nagbigay sa akin ng isang aklat. At
binasa ni Saphan sa harap ng hari. 19 At nangyari, nang
marinig ng hari ang mga salita ng kautusan, na kaniyang
hinapak ang kaniyang suot. 20 At ang hari ay nagutos
kay Hilcias, at kay Ahicham na anak ni Saphan, at kay
Abdon na anak ni Micha, at kay Saphan na kalihim, at kay
Asaia na lingkod ng hari, na kaniyang sinasabi, 21 Kayo'y
magsiyaon, isangguni ninyo ako sa Panginoon, at silang
naiwan sa Israel, at sa Juda, tungkol sa mga salita ng
aklat na nasumpungan: sapagka't malaki ang pagiinit ng
Panginoon na nabugso sa atin, sapagka't hindi iningatan ng
ating mga magulang ang salita ng Panginoon, upang gawin
ayon sa lahat na nasusulat sa aklat na ito. 22 Sa gayo'y
si Hilcias at silang pinagutusan ng hari, nagsiparoon kay
Hulda na propetisa, na asawa ni Sallum na anak ni Tikoath,
na anak ni Hasra, na tagapagingat ng silid ng kasuutan;
(siya nga'y tumahan sa Jerusalem sa ikalawang pook; ) at
kanilang sinabi sa kanila sa gayong paraan. 23 At sinabi niya
sa kanila, Ganito ang sabi ng Panginoon, ng Dios ng Israel:
Saysayin ninyo sa lalake na nagsugo sa inyo sa akin. 24
Ganito ang sabi ng Panginoon, Narito, ako'y magdadala ng
kasamaan sa dakong ito, at sa mga tagarito, sa makatuwid
baga'y lahat ng sumpa na nangakasulat sa aklat na kanilang
nabasa sa harap ng hari sa Juda: 25 Sapagka't kanilang
pinabayaan ako, at nagsunog ng kamangyan sa ibang mga
dios, upang mungkahiin nila ako sa galit ng lahat na gawa ng
kanilang mga kamay; kaya't ang aking pagiinit ay nabugso
sa dakong ito, at hindi mapapawi. 26 Nguni't sa hari sa
Juda, na nagsugo sa inyo upang magusisa sa Panginoon,
ganito ang sasabihin ninyo sa kaniya, Ganito ang sabi ng
Panginoon, ng Dios ng Israel: Tungkol sa mga salita na iyong
narinig, 27 Sapagka't ang iyong puso ay malumanay, at ikaw
ay nagpakababa sa harap ng Dios ng iyong marinig ang
kaniyang mga salita laban sa dakong ito, at laban sa mga
tagarito; at ikaw ay nagpakababa sa harap ko, at hinapak
mo ang iyong suot, at umiyak sa harap ko; dininig naman
kita, sabi ng Panginoon. 28 Narito, ipipisan kita sa iyong mga
magulang, at ikaw ay mapipisan na payapa sa iyong libingan,
at hindi makikita ng iyong mga mata ang lahat na kasamaan

na aking dadalhin sa dakong ito, at sa mga tagarito. At sila'y
nagbalik ng salita sa hari. 29 Nang magkagayo'y nagsugo
ang hari at pinisan ang lahat na matanda sa Juda at sa
Jerusalem. 30 At sumampa ang hari sa bahay ng Panginoon,
at ang lahat na lalake ng Juda, at ang mga taga Jerusalem,
at ang mga saserdote, at ang mga Levita, at ang buong
bayan, malaki at gayon din ang maliit: at kaniyang binasa
sa kanilang mga pakinig ang lahat na salita ng aklat ng
tipan na nasumpungan sa bahay ng Panginoon. 31 At ang
hari ay tumayo sa kaniyang dako, at nakipagtipan sa harap
ng Panginoon, upang lumakad ng ayon sa Panginoon, at
upang ingatan ang kaniyang mga utos, at ang kaniyang
mga patotoo, at ang kaniyang mga palatuntunan, ng buong
puso niya, at ng buong kaluluwa niya, upang tuparin ang
mga salita ng tipan na nasusulat sa aklat na ito. 32 At
kaniyang pinapanayo sa tipan ang lahat na nasumpungan sa
Jerusalem at Benjamin. At ginawa ng mga taga Jerusalem
ang ayon sa tipan ng Dios ng kanilang mga magulang. 33
At inalis ni Josias ang lahat na karumaldumal sa lahat ng
lupain na ukol sa mga anak ni Israel, at pinapaglingkod ang
lahat na nangasumpungan sa Israel, upang mangaglingkod
nga sa Panginoon nilang Dios. Lahat ng mga kaarawan niya
ay hindi sila nagsihiwalay sa pagsunod sa Panginoon, sa
Dios ng kanilang mga magulang.

**35** At ipinagdiwang ni Josias ang isang paskua sa
Panginoon sa Jerusalem; at kanilang pinatay ang
kordero ng paskua, sa ikalabing apat na araw ng unang
buwan. 2 At inilagay niya ang mga saserdote sa kanilang
mga katungkulan, at pinatapang sila sa paglilingkod sa bahay
ng Panginoon. 3 At sinabi niya sa mga Levita na nangagturo
sa buong Israel, na mga banal sa Panginoon, Ilagay ninyo
ang banal na kaban sa bahay na itinayo ni Salomon na anak
ni David na hari sa Israel; hindi na magkakaroon pa ng
pasan sa inyong mga balikat. Maglingkod kayo ngayon sa
Panginoon ninyong Dios, at sa kaniyang bayang Israel; 4 At
magsihanda kayo ayon sa mga sangbahayan ng inyong
mga magulang ayon sa inyong mga bahagi, ayon sa sulat
ni David na hari sa Israel, at ayon sa sulat ni Salomon sa
kaniyang anak. 5 At magsitayo kayo sa dakong banal ayon
sa mga bahagi ng mga sangbahayan ng mga magulang
ng inyong mga kapatid na mga anak ng bayan, at maukol
sa bawa't isa'y isang bahagi ng sangbahayan ng mga
magulang ng mga Levita. 6 At patayin ninyo ang kordero
ng paskua, at mangagpakabanal kayo, at ihanda ninyo sa
inyong mga kapatid, upang magsigawa ng ayon sa salita
ng Panginoon sa pamamagitan ng kamay ni Moises. 7
At si Josias ay nagbigay sa mga anak ng bayan, buhat
sa kawan, ng mga kordero at ng mga anak ng kambing,
lahat ng yaon ay mga pinakahandog sa paskua, sa lahat
na nakaharap, sa bilang na tatlong pung libo, at tatlong
libo na baka: ang mga ito'y mga pag-aari ng hari. 8 At ang
kaniyang mga prinsipe ay nangagbigay ng pinakakusang
handog sa bayan, sa mga saserdote, at sa mga Levita.
Si Hilcias at si Zacharias at si Jehiel, na mga pinuno sa
bahay ng Dios, nangagbigay sa mga saserdote ng mga
pinakahandog sa paskua, na dalawang libo at anim na raang
tupa at kambing, at tatlong daang baka. 9 Si Chonanias
naman, at si Semeias, at si Nathanael, na kaniyang mga
kapatid, at si Hasabias at si Jehiel at si Josabad, na mga
pinuno ng mga Levita, nangagbigay sa mga Levita ng mga
pinakahandog sa paskua, na limang libong tupa at kambing,
at limang daang baka. 10 Sa gayo'y ang paglilingkod ay
nahanda, at ang mga saserdote ay nagsitayo sa kanilang
dako, at ang mga Levita ayon sa kanilang mga bahagi,
ayon sa utos ng hari. 11 At kanilang pinatay ang kordero
ng paskua, at iwinisik ng mga saserdote ang dugo, na
tinangnan nila sa kanilang kamay, at mga nilapnusan ng
mga Levita. 12 At kanilang ibinago ang mga handog na
susunugin, upang kanilang ipamigay ayon sa mga bahagi
ng mga sangbahayan ng mga magulang ng mga anak ng
bayan, upang ihandog sa Panginoon, gaya ng nasusulat sa
aklat ni Moises. At gayon ang ginawa nila sa mga baka. 13
At kanilang inihaw ang kordero ng paskua, sa apoy ayon sa
ayos: at ang mga banal na handog ay niluto sa mga palayok,
at sa mga kaldera, at sa mga kawali, at pinagdadalang
madali sa lahat na anak ng bayan. 14 At pagkatapos ay
nangaghanda sila sa kanilang sarili, at sa mga saserdote;
sapagka't ang mga saserdote na mga anak ni Aaron ay
nangasa paghahandog ng mga handog na susunugin at
ng taba hanggang sa kinagabihan: kaya't ang mga Levita
ay nangaghanda sa kanilang sarili, at sa mga saserdote
na mga anak ni Aaron. 15 At ang mga mangaawit na mga
anak ni Asaph, ay nangasa kanilang dako, ayon sa utos ni
David, at ni Asaph, at ni Heman, at ni Jeduthun na tagakita
ng hari; at ang mga tagatanod-pinto ay nangasa bawa't
pintuang-daan: sila'y hindi nangagkakailangang magsialis
sa kanilang paglilingkod; sapagka't ipinaghanda sila ng
kanilang mga kapatid na mga Levita. 16 Sa gayo'y ang lahat
na paglilingkod sa Panginoon ay nahanda nang araw ding
yaon, upang ipagdiwang ang paskua, at upang maghandog
ng mga handog na susunugin sa ibabaw ng dambana ng
Panginoon, ayon sa utos ng haring Josias. 17 At ang mga
anak ni Israel na nangakaharap ay nangagdiwang ng paskua
nang panahong yaon, at ng kapistahan ng tinapay na walang
lebadura na pitong araw. 18 At hindi nagkaroon ng paskua na
gaya ng ipinagdiwang na yaon sa Israel mula sa mga araw ni
Samuel na propeta; ni nagdiwang man ang sinoman sa mga
hari sa Israel ng gayong paskua na gaya ng ipinagdiwang ni

Josias, at ng mga saserdote, at ng mga Levita, at ng buong
Juda at Israel na nangakaharap, at ng mga taga Jerusalem.
**19** Nang ikalabing walong taon ng paghahari ni Josias ay
ipinagdiwang ang paskuang ito. **20** Pagkatapos ng lahat ng
ito, nang maihanda ni Josias ang templo, si Nechao na hari
sa Egipto ay umahon upang makipaglaban sa Carchemis
sa siping ng Eufrates: at si Josias ay lumabas laban sa
kaniya. **21** Nguni't siya'y nagsugo ng mga sugo sa kaniya,
na ipinasasabi, Anong aking ipakikialam sa iyo, ikaw na
hari sa Juda? ako'y hindi naparirito laban sa iyo sa araw
na ito, kundi laban sa sangbahayan na kinakalaban ko: at
iniutos sa akin ng Dios na ako'y magmamadali: iwan mo
ang pakikialam sa Dios, na nasa akin nga, upang huwag
ka niyang lipulin. **22** Gayon ma'y hindi itinalikod ni Josias
ang kaniyang mukha sa kaniya, kundi nagpakunwaring iba,
upang siya'y makipaglaban sa kaniya, at hindi dininig ang
salita ni Nechao, na mula sa bibig ng Dios, at naparoong
nakipaglaban sa libis ng Megiddo. **23** At pinana ng mga
mamamana si Josias: at sinabi ng hari sa kaniyang mga
lingkod, Ilabas ninyo ako; sapagka't ako'y nasugatan ng
mabigat. **24** Sa gayo'y inalis siya ng kaniyang mga lingkod
sa karo, at inilagay siya sa ikalawang karo, na kaniyang
dala, at dinala siya sa Jerusalem; at siya'y namatay, at
nalibing sa mga libingan ng kaniyang mga magulang. At
ang buong Juda at Jerusalem ay tumangis kay Josias.
**25** At tinaghuyan ni Jeremias si Josias: at ang lahat na
mangaawit na lalake at babae ay nagsipanambitan tungkol
kay Josias sa kanilang mga panaghoy, hanggang sa araw
na ito; at sila'y nagsigawa ng alituntunin sa Israel; at, narito,
nangasusulat sa mga panaghoy. **26** Ang iba nga sa mga
gawa ni Josias, at ang kaniyang mga mabuting gawa, ayon
sa nasusulat sa kautusan ng Panginoon, **27** At ang kaniyang
mga gawa, na una at huli, narito, nangasusulat sa aklat ng
mga hari sa Israel at Juda.

**36** Nang magkagayo'y kinuha ng bayan ng lupain si
Joachaz na anak ni Josias, at ginawa siyang hari na
kahalili ng kaniyang ama sa Jerusalem. **2** Si Joachaz ay
may dalawang pu't tatlong taon nang siya'y magpasimulang
maghari; at siya'y nagharing tatlong buwan sa Jerusalem. **3**
At inalis siya sa Jerusalem ng hari sa Egipto, at pinabuwis
ang lupain ng isang daang talentong pilak at ng isang
talentong ginto. **4** At inihalal na hari sa Juda at sa Jerusalem
ng hari sa Egipto si Eliacim na kaniyang kapatid, at pinalitan
ang kaniyang pangalan ng Joacim. At kinuha ni Nechao
si Joachaz na kaniyang kapatid, at dinala niya siya sa
Egipto. **5** Si Joacim ay may dalawang pu't limang taon
nang siya'y magpasimulang maghari; at siya'y nagharing
labing isang taon, sa Jerusalem: at siya'y gumawa ng
masama sa paningin ng Panginoon niyang Dios. **6** Laban sa
kaniya ay umahon si Nabucodonosor na hari sa Babilonia,
at tinanikalaan siya, upang dalhin siya sa Babilonia. **7** Si
Nabucodonosor ay nagdala naman ng mga sisidlan ng
bahay ng Panginoon sa Babilonia, at inilagay sa kaniyang
templo sa Babilonia. **8** Ang iba nga sa mga gawa ni Joacim,
at ang kaniyang mga karumaldumal na kaniyang ginawa, at
ang nasumpungan sa kaniya, narito, nangasusulat sa aklat
ng mga hari sa Israel at Juda: at si Joachin, na kaniyang
anak ay naghari na kahalili niya. **9** Si Joachin ay may
walong taong gulang nang siya'y magpasimulang maghari:
at siya'y nagharing tatlong buwan at sangpung araw sa
Jerusalem: at siya'y gumawa ng masama sa paningin ng
Panginoon. **10** At sa pagpihit ng taon, si Nabucodonosor ay
nagsugo, at dinala siya sa Babilonia, pati ng mga mainam
na sisidlan ng bahay ng Panginoon at ginawang hari si
Zedecias na kaniyang kapatid sa Juda at Jerusalem. **11**
Si Zedecias ay may dalawang pu't isang taong gulang
nang siya'y magpasimulang maghari; at siya'y nagharing
labing isang taon sa Jerusalem: **12** At siya'y gumawa ng
masama sa paningin ng Panginoon niyang Dios; siya'y
hindi nagpakababa sa harap ni Jeremias na propeta na
nagsasalita ng galing sa bibig ng Panginoon. **13** At siya rin
nama'y nanghimagsik laban sa haring Nabucodonosor, na
siyang nagpasumpa sa kaniya sa pangalan ng Dios: nguni't
pinapagmatigas niya ang kaniyang ulo at pinapagmatigas
niya ang kaniyang puso sa panunumbalik sa Panginoon, sa
Dios ng Israel. **14** Bukod dito'y lahat ng mga pinuno ng mga
saserdote, at ang bayan, ay nagsisalangsang na mainam
ayon sa lahat na karumaldumal ng mga bansa; at kanilang
dinumhan ang bahay ng Panginoon na kaniyang itinalaga sa
Jerusalem. **15** At ang Panginoon, ang Dios ng kanilang mga
magulang, nagsugo sa kanila sa pamamagitan ng kaniyang
mga sugo, na bumangong maaga at nagsugo, sapagka't
siya'y nagdalang habag sa kaniyang bayan, at sa kaniyang
tahanang dako: **16** Nguni't kanilang tinuya ang mga sugo
ng Dios, at niwalang kabuluhan ang kaniyang mga salita,
at dinusta ang kaniyang mga propeta hanggang sa ang
pagiinit ng Panginoon ay bumugso laban sa kaniyang bayan
hanggang sa mawalan ng kagamutan. **17** Kaya't dinala niya
sa kanila ang hari ng mga Caldeo, na siyang pumatay sa
kanilang mga binata sa pamamagitan ng tabak sa bahay ng
kanilang santuario, at hindi nagkaroon ng habag sa binata, o
sa dalaga, sa matanda o sa may uban: ibinigay niya silang
lahat sa kaniyang kamay. **18** At lahat ng mga kasangkapan
ng bahay ng Dios, malaki at maliit, at ang mga kayamanan
ng bahay ng Panginoon, at ang mga kayamanan ng hari, at
ng kaniyang mga prinsipe; lahat ng mga ito'y dinala niya sa
Babilonia. **19** At sinunog nila ang bahay ng Dios, at ibinagsak
ang kuta ng Jerusalem, at sinunog sa apoy ang lahat na

bahay hari niya, at giniba ang lahat na mainam na sisidlan
niyaon. 20 At ang mga nakatanan sa tabak, dinala niya sa
Babilonia; at mga naging alipin niya at ng kaniyang mga
anak hanggang sa paghahari ng kaharian ng Persia: 21
Upang ganapin ang salita ng Panginoon sa pamamagitan ng
bibig ni Jeremias, hanggang sa ang lupain ay nagalak sa
kaniyang mga sabbath: sapagka't habang giba ay kaniyang
ipinagdidiwang ang sabbath, upang ganapin ang pitong
pung taon. 22 Sa unang taon nga ni Ciro na hari sa Persia,
upang ang salita ng Panginoon sa pamamagitan ng bibig ni
Jeremias ay maganap, kinilos ng Panginoon ang loob ni
Ciro na hari sa Persia, na siya'y nagtanyag sa kaniyang
buong kaharian, at isinulat din naman, na sinasabi, 23 Ganito
ang sabi ni Ciro na hari sa Persia: Lahat ng kaharian sa
lupa ay ibinigay sa akin ng Panginoon, ng Dios ng langit; at
kaniyang binilinan ako na ipagtayo siya ng isang bahay sa
Jerusalem, na nasa Juda. Sinomang mayroon sa inyo sa
buong kaniyang bayan, sumakaniya nawa ang Panginoon
niyang Dios, at umahon siya.

# Ezra

1 Nang unang taon nga ni Ciro na hari sa Persia, upang
ang salita ng Panginoon sa pamamagitan ng bibig ni
Jeremias ay maganap, kinilos ng Panginoon ang diwa ni
Ciro na hari sa Persia, na siya'y nagtanyag sa kaniyang
buong kaharian, at isinulat din naman, na sinasabi, 2 Ganito
ang sabi ni Ciro na hari sa Persia, Ibinigay sa akin ng
Panginoon, ng Dios ng langit, ang lahat na kaharian sa
lupa; at ibinilin niya sa akin na ipagtayo ko siya ng isang
bahay sa Jerusalem, na nasa Juda. 3 Sinoman sa inyo sa
kaniyang buong bayan, sumakaniya nawa ang kaniyang
Dios, at umahon siya sa Jerusalem, na nasa Juda, at itayo
ang bahay ng Panginoon, ng Dios ng Israel, (siya'y Dios, ) na
nasa Jerusalem. 4 At sinomang naiwan sa alinmang dako na
kaniyang pinakikipamayanan, tulungan siya ng mga lalake sa
kaniyang kinaroroonan ng pilak, at ng ginto, at ng mga pag-
aari, at ng mga hayop, bukod sa kusang handog sa bahay ng
Dios na nasa Jerusalem. 5 Nang magkagayo'y nagsibangon
ang mga pangulo ng mga sangbahayan ng mga magulang
ng Juda at Benjamin, at ang mga saserdote, at ang mga
Levita, sa makatuwid baga'y lahat na ang diwa'y kinilos
ng Dios na magsiahong itayo ang bahay ng Panginoon
na nasa Jerusalem. 6 At lahat na nangasa palibot nila ay
nangagpatibay sa kanilang mga kamay ng mga sisidlang
pilak, ng ginto, ng mga pag-aari, at ng mga hayop, at ng mga
mahalagang bagay, bukod pa sa lahat na kusang inihandog.
7 Inilabas din naman ni Ciro na hari ang mga sisidlan ng
bahay ng Panginoon na inilabas ni Nabucodonosor sa
Jerusalem, at inilagay sa bahay ng kaniyang mga dios; 8 Sa
makatuwid baga'y yaong mga inilabas ni Ciro na hari sa
Persia sa pamamagitan ng kamay ni Mitridates na tagaingat-
yaman, at mga binilang kay Sesbassar, na prinsipe sa Juda.
9 At ito ang bilang ng mga yaon: tatlong pung pinggang
ginto, at isang libong pinggang pilak, dalawang pu't siyam na
sundang; 10 Tatlong pung mangkok na ginto, mga mangkok
na pilak na ikalawang ayos ay apat na raan at sangpu, at ang
ibang mga sisidlan ay isang libo. 11 Lahat na sisidlang ginto
at pilak ay limang libo at apat na raan. Ang lahat ng mga ito
ay ipinaahon ni Sesbassar, nang silang sa pagkabihag ay
ipagahong mula sa Babilonia hanggang sa Jerusalem.

2 Ang mga ito nga'y ang mga anak ng lalawigan, na
nagsiahon mula sa pagkabihag sa mga nayon na
nangadala, na dinala sa Babilonia ni Nabucodonosor na
hari sa Babilonia, at nangagbalik sa Jerusalem at sa Juda,
na bawa't isa'y sa kaniyang bayan; 2 Na nagsidating na
kasama ni Zorobabel, si Jesua, si Nehemias, si Seraias,
si Reelias, si Mardocheo, si Bilsan, si Mispar, si Bigvai, si
Rehum, si Baana. Ang bilang ng mga lalake ng bayan ng
Israel ay ito: 3 Ang mga anak ni Paros, dalawang libo't isang
daan at pitong pu't dalawa. 4 Ang mga anak ni Sephatias,
tatlong daan at pitong pu't dalawa. 5 Ang mga anak ni Ara,
pitong daan at pitong pu't lima. 6 Ang mga anak ni Pahath-
moab, sa mga anak ni Josue at ni Joab, dalawang libo't
walong daan at labing dalawa. 7 Ang mga anak ni Elam,
isang libo't dalawang daan at limang pu't apat. 8 Ang mga
anak ni Zattu, siyam na raan at apat na pu't lima. 9 Ang mga
anak ni Zachai, pitong daan at anim na pu. 10 Ang mga
anak ni Bani, anim na raan at apat na pu't dalawa. 11 Ang
mga anak ni Bebai, anim na raan at dalawang pu't tatlo.
12 Ang mga anak ni Azgad, isang libo at dalawang daan
at dalawang pu't dalawa. 13 Ang mga anak ni Adonicam,
anim na raan at anim na pu't anim. 14 Ang mga anak ni
Bigvai, dalawang libo at limang pu't anim. 15 Ang mga anak
ni Adin, apat na raan at limang pu't apat. 16 Ang mga anak
ni Ater, ni Ezechias, siyam na pu't walo. 17 Ang mga anak ni
Besai, tatlong daan at dalawang pu't tatlo. 18 Ang mga anak
ni Jora, isang daan at labing dalawa. 19 Ang mga anak ni
Hasum ay dalawang daan at dalawang pu't tatlo. 20 Ang
mga anak ni Gibbar siyam na pu't lima. 21 Ang mga anak ni
Bethlehem, isang daan at dalawang pu't tatlo. 22 Ang mga
lalake ng Nethopha, limang pu't anim. 23 Ang mga lalake ng
Anathoth, isang daan at dalawang pu't walo. 24 Ang mga
anak ni Azmaveth, apat na pu't dalawa. 25 Ang mga anak
ni Chiriathjearim, ni Cephira, at ni Beeroth, pitong daan at
apat na pu't tatlo. 26 Ang mga anak ni Rama at ni Gaaba,
anim na raan at dalawang pu't isa. 27 Ang mga lalake ng
Michmas, isang daan at dalawang pu't dalawa. 28 Ang mga
lalake ng Beth-el at ng Hai, dalawang daan at dalawang pu't
tatlo. 29 Ang mga anak ni Nebo, limang pu't dalawa. 30 Ang
mga anak ni Magbis, isang daan at limang pu't anim. 31
Ang mga anak ng ibang Elam, isang libo't dalawang daan at
limang pu't apat. 32 Ang mga anak ni Harim, tatlong daan
at dalawang pu. 33 Ang mga anak ni Lod, ni Hadid, at ni
Ono, pitong daan at dalawang pu't lima. 34 Ang mga anak ni
Jerico, tatlong daan at apat na pu't lima. 35 Ang mga anak ni
Senaa, tatlong libo't anim na raan at tatlong pu. 36 Ang mga
saserdote: ang mga anak ni Jedaia, sa sangbahayan ng
Jesua, siyam na raan at pitong pu't tatlo. 37 Ang mga anak
ni Immer, isang libo at limang pu't dalawa. 38 Ang mga anak
ni Pashur, isang libo't dalawang daan at apat na pu't pito. 39
Ang mga anak ni Harim, isang libo at labing pito. 40 Ang
mga Levita: ang mga anak ni Jesua at ni Cadmiel, sa mga
anak ni Hodavias, pitong pu't apat. 41 Ang mga mangaawit:
ang mga anak ni Asaph, isang daan at dalawang pu't walo.
42 Ang mga anak ng mga tagatanod-pinto: ang mga anak ni
Sallum, ang mga anak ni Ater, ang mga anak ni Talmon, ang

mga anak ni Accub, ang mga anak ni Hatita, ang mga anak
ni Sobai, ang lahat ay isang daan at tatlong pu't siyam. **43**
Ang mga Nethineo: ang mga anak ni Siha, ang mga anak ni
Hasupha, ang mga anak ni Thabaoth. **44** Ang mga anak ni
Cheros, ang mga anak ni Siaa, ang mga anak ni Phadon; **45**
Ang mga anak ni Lebana, ang mga anak ni Hagaba, ang
mga anak ni Accub; **46** Ang mga anak ni Hagab, ang mga
anak ni Samlai, ang mga anak ni Hanan; **47** Ang mga anak ni
Gidiel, ang mga anak ni Gaher, ang mga anak ni Reaia; **48**
Ang mga anak ni Resin, ang mga anak ni Necoda, ang mga
anak ni Gazam; **49** Ang mga anak ni Uzza, ang mga anak ni
Phasea, ang mga anak ni Besai; **50** Ang mga anak ni Asena,
ang mga anak ni Meunim, ang mga anak ni Nephusim; **51**
Ang mga anak ni Bacbuc, ang mga anak ni Hacusa, ang
mga anak ni Harhur; **52** Ang mga anak ni Bazluth, ang mga
anak ni Mehida, ang mga anak ni Harsa; **53** Ang mga anak
ni Bercos, ang mga anak ni Sisera, ang mga anak ni Tema;
**54** Ang mga anak ni Nesia, ang mga anak ni Hatipha. **55** Ang
mga anak ng mga lingkod ni Salomon ay: ang mga anak ni
Sotai, ang mga anak ni Sophereth, ang mga anak ni Peruda;
**56** Ang mga anak ni Jaala, ang mga anak ni Darcon, ang
mga anak ni Giddel; **57** Ang mga anak ni Sephatias, ang
mga anak ni Hatil, ang mga anak ni Pochereth-hassebaim,
ang mga anak ni Ami. **58** Lahat ng mga Nethineo, at ng mga
anak ng mga lingkod ni Salomon, tatlong daan at siyam
na pu't dalawa. **59** At ang mga ito ang nagsiahon mula sa
Tel-mela, Tel-harsa, Cherub, Addan, at Immer: nguni't hindi
nila naipakilala ang mga sangbahayan ng kanilang mga
magulang, at ang kanilang binhi kung sila'y taga Israel: **60**
Ang mga anak ni Delaia, ang mga anak ni Tobias, ang mga
anak ni Nicoda, anim na raan at limang pu't dalawa. **61** At sa
mga anak ng mga saserdote: ang mga anak ni Abaia, ang
mga anak ni Cos, ang mga anak ni Barzillai, na nagasawa
sa mga anak ni Barzillai na Galaadita, at tinawag ayon sa
kanilang pangalan. **62** Ang mga ito ay nagsihanap ng talaan
ng kanilang pangalan sa nangabilang ayon sa talaan ng lahi,
nguni't hindi nangasumpungan: kaya't sila'y nangabilang
na hawa, at nangaalis sa pagkasaserdote. **63** At sinabi
ng tagapamahala sa kanila, na sila'y huwag magsisikain
ng mga pinakabanal na bagay, hanggang sa tumayo ang
isang saserdote na may Urim at Thummim. **64** Ang buong
kapisanang magkakasama ay apat na pu't dalawang libo
at tatlong daan at anim na pu, **65** Bukod sa kanilang mga
aliping lalake at babae, na may pitong libo't tatlong daan at
tatlong pu't pito: at sila'y nangagkaroon ng dalawang daan na
mangaawit na lalake at babae. **66** Ang kanilang mga kabayo
ay pitong daan at tatlong pu't anim; ang kanilang mga mula
ay dalawang daan at apat na pu't lima; **67** Ang kanilang
mga kamelyo, apat na raan at tatlong pu't lima; ang kanilang
mga asno, anim na libo't pitong daan at dalawang pu. **68**
At ang ilan sa mga pangulo ng mga sangbahayan ng mga
magulang, nang sila'y magsidating sa bahay ng Panginoon
na nasa Jerusalem, ay nangaghandog na kusa sa bahay ng
Dios, upang husayin sa kinatatayuan: **69** Sila'y nangagbigay
ayon sa kanilang kaya sa ingatang-yaman ng gawain, na
anim na pu't isang libong darikong ginto, at limang libong
librang pilak, at isang daan na bihisan ng mga saserdote. **70**
Gayon ang mga saserdote, at ang mga Levita, at ang iba sa
bayan, at ang mga mangaawit, at ang mga tagatanod-pinto,
at ang mga Nethineo, nagsitahan sa kanilang mga bayan, at
ang buong Israel ay sa kanilang mga bayan.

**3** At nang dumating ang ikapitong buwan, at ang mga
anak ni Israel ay nangasa mga bayan, ang bayan ay
nagpipisan na parang isang tao sa Jerusalem. **2** Nang
magkagayo'y tumayo si Jesua na anak ni Josadec, at ang
kaniyang mga kapatid na mga saserdote, at si Zorobabel na
anak ni Sealthiel, at ang kaniyang mga kapatid, at itinayo ang
dambana ng Dios ng Israel, upang paghandugan ng mga
handog na susunugin, gaya ng nasusulat sa kautusan ni
Moises, na lalake ng Dios. **3** At ipinatong nila ang dambana
sa tungtungan niya; sapagka't ang takot ay sumakanila dahil
sa mga bayan ng mga lupain: at kanilang pinaghandugan ng
mga handog na susunugin sa Panginoon, sa makatuwid
baga'y ng mga handog na susunugin sa umaga't hapon. **4** At
kanilang ipinagdiwang ang kapistahan ng mga balag, gaya
ng nasusulat, at naghandog ng mga handog na susunugin
sa araw-araw ayon sa bilang, ayon sa ayos, gaya ng
katungkulang kinakailangan sa bawa't araw; **5** At pagkatapos
ng palaging handog na susunugin, at ng mga handog sa
mga bagong buwan, at ng lahat na takdang kapistahan sa
Panginoon na mga itinalaga, at ng lahat na naghandog
na kusa ng kusang handog sa Panginoon. **6** Mula sa
unang araw ng ikapitong buwan, nangagpasimula sila na
nangaghandog ng mga handog na susunugin sa Panginoon:
nguni't ang tatagang-baon ng templo ng Panginoon ay hindi
pa nalalagay. **7** Sila'y nangagbigay rin naman ng salapi sa
mga kantero, at sa mga anluwagi; at pagkain, at inumin, at
langis, sa kanila na mga taga Sidon, at sa kanila na mga taga
Tiro, upang mangagdala ng mga kahoy na sedro na mula sa
Libano na paraanin sa dagat, hanggang sa Joppa ayon sa
pahintulot na nangagkaroon sila kay Ciro na hari sa Persia.
**8** Nang ikalawang taon nga ng kanilang pagparoon sa bahay
ng Dios sa Jerusalem, sa ikalawang buwan, nangagpasimula
si Zorobabel na anak ni Sealthiel, at si Jesua na anak ni
Josadec, at ang nalabi sa kanilang mga kapatid na mga
saserdote at mga Levita, at silang lahat na nagsipanggaling
sa Jerusalem na mula sa pagkabihag; at inihalal ang mga
Levita, mula sa dalawang pung taong gulang na patanda

upang magsipamahala sa gawain sa bahay ng Panginoon. 9
Nakatayo nga si Jesua na kasama ng kaniyang mga anak,
at ng kaniyang mga kapatid, si Cadmiel at ang kaniyang
mga anak, ang mga anak ni Juda, na magkakasama, upang
magsipamahala sa mga manggagawa sa bahay ng Dios:
ang mga anak ni Henadad, na kasama ng kanilang mga
anak at ng kanilang mga kapatid na mga Levita. 10 At nang
ilagay ng mga manggagawa ang tatagang-baon ng templo
ng Panginoon, kanilang inilagay ang mga saserdote na
bihis, na may mga pakakak, at ang mga Levita na mga
anak ni Asaph na may mga simbalo, upang magsipuri sa
Panginoon, ayon sa alituntunin ni David na hari sa Israel. 11
At sila'y nagawitang isa't isa sa pagpuri at pagpapasalamat
sa Panginoon, na nangagsasabi: Sapagka't siya'y mabuti,
sapagka't ang kaniyang kaawaan ay magpakailan man sa
Israel. At ang buong bayan ay humiyaw ng malakas, nang
sila'y magsipuri sa Panginoon, sapagka't ang tatagang-baon
ng bahay ng Panginoon ay nalagay. 12 Nguni't marami
sa mga saserdote, at mga Levita, at mga pangulo ng
mga sangbahayan ng mga magulang, mga matanda na
nangakakita ng unang bahay, ng ang tatagang-baon ng
bahay na ito ay malagay sa harap ng kanilang mga mata, ay
nagsiiyak ng malakas; at marami ay nagsihiyaw ng malakas
dahil sa kagalakan: 13 Na anopa't hindi makilala ng bayan
ang kaibhan ng ingay ng hiyaw ng kagalakan sa ingay ng
iyak ng bayan; sapagka't ang bayan ay humiyaw ng malakas
na hiyaw, at ang ingay ay narinig sa malayo.

4 Nang mabalitaan nga ng mga kaaway ng Juda at Benjamin
na ang mga anak sa pagkabihag ay nangagtatayo
ng templo na ukol sa Panginoon, sa Dios ng Israel; 2
Nagsilapit nga sila kay Zorobabel, at sa mga pangulo ng mga
sangbahayan ng mga magulang, at nangagsabi sa kanila,
Papagtayuin ninyo kami na kasama ninyo: sapagka't aming
hinahanap ang inyong Dios, na gaya ng inyong ginagawa; at
kami ay nangaghahain sa kaniya mula ng mga kaarawan ni
Esar-haddon na hari sa Asiria, na nagahon sa amin dito.
3 Nguni't si Zorobabel, at si Jesua, at ang nalabi sa mga
pangulo ng mga sangbahayan ng mga magulang ng Israel,
ay nangagsabi sa kanila, Kayo'y walang ipakikialam sa
amin sa pagtatayo ng isang bahay na ukol sa aming Dios;
kundi kami rin na magkakasama ay aming ipagtatayo ang
Panginoon, ang Dios ng Israel, gaya ng iniutos sa amin
ni Ciro na hari sa Persia, 4 Nang magkagayo'y pinahina
ng bayan ng lupain ang mga kamay ng bayan ng Juda, at
binagabag sila sa pagtatayo. 5 At umupa ng mga tagapayo
laban sa kanila, upang iurong ang kanilang akala, sa lahat ng
kaarawan ni Ciro na hari sa Persia, hanggang sa paghahari
ni Dario na hari sa Persia. 6 At sa paghahari ni Assuero, sa
pasimula ng kaniyang paghahari, nagsisulat sila ng isang
sakdal laban sa mga taga Juda at Jerusalem. 7 At sa mga
kaarawan ni Artajerjes, nagsisulat si Bislam, si Mitridates, si
Tabeel at ang nalabi sa kaniyang mga kasama kay Artajerjes
na hari sa Persia; at ang pagkasulat ng sulat ay nasusulat
ng sulat Siria, at ang laman niyaon ay wikang Siria. 8 Si
Rehum na kasangguni at si Simsai na kalihim, sumulat ng
isang sulat laban sa Jerusalem kay Artajerjes na hari ng
ganitong paraan: 9 Nang magkagayo'y nagsisulat si Rehum
na tagapayo at si Simsai na kalihim, at ang nalabi sa kanilang
mga kasama; ang mga Dinaita, at ang mga Apharsacita, ang
mga Tharphelita, ang mga Apharsita, ang mga Archevita,
ang mga Babilonio, ang mga Susanchita, ang mga Dehaita,
ang mga Elamita. 10 At ang nalabi sa mga bansa na itinawid
ng dakila at marangal na si Asnappar, at inilagay sa bayan ng
Samaria, at sa nalabi sa lupain, na nasa dako roon ng Ilog,
at sa iba pa. 11 Ito ang salin ng sulat na kanilang ipinadala
kay Artajerjes na hari: Ang iyong mga lingkod na mga lalake
sa dako roon ng Ilog, at iba pa. 12 Talastasin ng hari, na ang
mga Judio na nagsiahong galing sa iyo ay nagsiparoon sa
amin sa Jerusalem; kanilang itinatayo ang mapanghimagsik
at masamang bayan, at nayari ang mga kuta, at isinauli ang
mga tatagang-baon. 13 Talastasin ngayon ng hari, na, kung
ang bayang ito ay matayo, at ang mga kuta ay mayari, sila'y
hindi mangagbabayad ng buwis, kabayaran, o upa, at sa
wakas ay ikapapahamak ng mga hari. 14 Sapagka't aming
kinakain nga ang asin ng bahay-hari, at hindi marapat sa
amin na aming makita ang ikasisirang puri ng hari, kaya't
kami ay nangagsugo at nangagpatotoo sa hari; 15 Upang
ang pagsaliksik ay maisagawa sa aklat ng mga alaala ng
iyong mga magulang: sa gayo'y iyong masusumpungan sa
aklat ng mga alaala, at malalaman na ang bayang ito ay
mapanghimagsik na bayan, at mapangpahamak sa mga hari
at mga lalawigan, at sila'y nagsipanghimagsik doon nang
unang panahon: na siyang ikinagiba ng bayang ito. 16 Aming
pinatotototohanan sa hari, na, kung ang bayang ito ay matayo,
at ang mga kuta ay mayari, ay hindi ka magkakaroon ng
bahagi sa dako roon ng Ilog sa kadahilanang ito. 17 Nang
magkagayo'y nagpadala ang hari ng kasagutan kay Rehum
na kasangguni, at kay Simsai na kalihim, at sa mga nalabi
sa kanilang mga kasama na nagsisitahan sa Samaria, at sa
nalabi sa lupain sa dako roon ng Ilog: Kapayapaan, at iba
pa. 18 Ang sulat na inyong ipinadala sa amin, ay nabasa
na maliwanag sa harap ko. 19 At ako'y nagpasiya, at ang
pagsaliksik ay naisagawa at nasumpungan na ang bayang
ito nang una ay gumawa ng panghihimagsik laban sa mga
hari, at ang panghihimagsik at pagbabanta ay nagawa roon.
20 Nagkaroon naman doon ng mga may kayang hari sa
Jerusalem, na nagpuno sa buong lupain sa dako roon ng
Ilog; at buwis, kabayaran, at upa, ay nabayad sa kanila. 21

Magpasiya kayo ngayon na inyong patigilin ang mga taong
ito, at upang ang bayang ito ay huwag matayo, hanggang sa
ang pasiya ay magawa ko. 22 At kayo'y mangagingat na
huwag kayong magpabaya dito: bakit ang pagkapahamak
ay mangyayari sa ikapapahamak ng mga hari? 23 Nang
mabasa nga ang salin ng sulat ng haring Artajerjes sa harap
ni Rehum, at ni Simsai na kalihim, at ng kanilang mga
kasama, sila'y nangagmadaling nagsiparoon sa Jerusalem
sa mga Judio, at pinatigil nila sa pamamagitan ng lakas at
kapangyarihan. 24 Nang magkagayo'y natigil ang gawa sa
bahay ng Dios na nasa Jerusalem; at natigil hanggang sa
ikalawang taon ng paghahari ni Dario, na hari sa Persia.

5 Ang mga propeta nga, si Haggeo na propeta, at si
Zacharias na anak ni Iddo, ay nanghula sa mga Judio
na nasa Juda at Jerusalem; sa pangalan ng Dios ng Israel
ay nagsipanghula sila sa kanila; 2 Nang magkagayo'y
bumangon si Zorobabel na anak ni Sealthiel, at si Jesua na
anak ni Josadach, at pinasimulang itinayo ang bahay ng
Dios na nasa Jerusalem; at kasama nila ang mga propeta
ng Dios, na nagsisitulong sa kanila. 3 Nang panahon ding
yaon ay naparoon sa kanila si Tatnai, na tagapamahala sa
dako roon ng Ilog, at si Sethar-boznai, at ang kanilang mga
kasama, at nagsabi ng ganito sa kanila: Sino ang nagbigay
sa inyo ng pasiya upang itayo ang bahay na ito, at yariin
ang kutang ito? 4 Nang magkagayo'y nangagsalita kami
sa kanila ng ganitong paraan: Ano-ano ang mga pangalan
ng mga tao na nagsigawa ng bahay na ito? 5 Nguni't ang
mata ng kanilang Dios ay nakatingin sa mga matanda ng
mga Judio, at hindi nila pinatigil, hanggang sa ang bagay ay
dumating kay Dario, at nang magkagayo'y ang sagot ay
nabalik sa pamamagitan ng sulat tungkol doon. 6 Ang salin
ng sulat na ipinadala ni Tatnai, na tagapamahala sa dako
roon ng Ilog at ni Sethar-boznai, at ng kaniyang mga kasama
na mga Apharsachita, na nangasa dako roon ng Ilog, kay
Dario na hari: 7 Sila'y nangagpadala ng isang sulat sa
kaniya, na kinasusulatan ng ganito: Kay Dario na hari, buong
kapayapaan. 8 Talastasin ng hari, na kami ay nagsiparoon sa
lalawigan ng Juda, sa bahay ng dakilang Dios, na natayo ng
mga malaking bato, at mga kahoy ay nalapat sa mga kuta;
at ang gawaing ito ay pinagsisikapan at nayayari sa kanilang
mga kamay. 9 Nang magkagayo'y tumanong kami sa mga
matandang yaon, at nagsabi sa kanila ng ganito: Sino ang
nagbigay sa inyo ng pasiya upang itayo ang bahay na ito at
upang yariin ang kutang ito? 10 Aming itinanong naman sa
kanila ang kanilang mga pangalan, na patotohanan sa iyo,
upang aming maisulat ang mga pangalan ng mga tao na
nangungulo sa kanila. 11 At ganito sila nangagbalik ng sagot
sa amin, na nangagsasabi, Kami ay mga lingkod ng Dios ng
langit at lupa, at nangagtatayo ng bahay na natayo nitong
malaong panahon, na itinayo at niyari ng isang dakilang
hari sa Israel. 12 Nguni't pagkamungkahi sa pagiinit sa Dios
ng langit ng aming mga magulang, ibinigay niya sila sa
kamay ni Nabucodonosor na hari sa Babilonia, na Caldeo,
na siyang gumiba ng bahay na ito, at dinala ang bayan
sa Babilonia. 13 Nguni't sa unang taon ni Ciro na hari sa
Babilonia, gumawa ng pasiya si Ciro na hari na itayo ang
bahay na ito ng Dios, 14 At ang ginto at pilak na mga sisidlan
rin naman sa bahay ng Dios na inilabas ni Nabucodonosor
sa templo na nasa Jerusalem, at nangadala sa loob ng
templo ng Babilonia, ang mga yaon ay inilabas sa templo ng
Babilonia ni Ciro na hari, at ibinigay sa isang nagngangalang
Sesbassar, na siya niyang ginawang tagapamahala, 15 At
sinabi niya sa kaniya, Kunin mo ang mga sisidlang ito, ikaw
ay yumaon, ipagpasok mo sa templo na nasa Jerusalem, at
ipahintulot mo na matayo ang bahay ng Dios sa kaniyang
dako. 16 Nang magkagayo'y naparoon ang Sesbassar na
yaon, at inilagay ang mga tatagang-baon ng bahay ng Dios
na nasa Jerusalem: at mula sa panahong yaon hanggang
ngayon ay itinatayo, at hindi pa yari. 17 Ngayon nga, kung
inaakalang mabuti ng hari, magsagawa ng pagsaliksik sa
bahay na ingatang-yaman ng hari, na nandiyan sa Babilonia,
kung gayon nga, na nagpasiya si Ciro na hari na itayo ang
bahay na ito ng Dios sa Jerusalem, at ipasabi sa amin ng
hari ang kaniyang kalooban tungkol sa bagay na ito.

6 Nang magkagayo'y si Dario, na hari ay gumawa ng
pasiya, at ang pagsaliksik ay isinagawa sa bahay ng mga
aklat, na kinalalagyan ng mga kayamanan sa Babilonia.
2 At nasumpungan sa Achmetta, sa bahay-hari na nasa
lalawigan ng Media, ang isang ikid, at doo'y nasusulat
ang ganito na pinakaalaala. 3 Nang unang taon ni Ciro
na hari, si Ciro na hari ay gumawa ng pasiya: Tungkol sa
bahay ng Dios sa Jerusalem, ipahintulot na matayo ang
bahay, ang dako na kanilang pinaghahandugan ng mga hain,
at ipahintulot na malagay na matibay ang mga tatagang-
baon; ang taas niyao'y anim na pung siko, at ang luwang
niyao'y anim na pung siko, 4 Na may tatlong hanay na mga
malaking bato, at isang hanay ng bagong kahoy: at ang
magugugol ay ibigay na mula sa bahay ng hari: 5 At ang
ginto at pilak na mga sisidlan din naman ng bahay ng Dios
na inilabas ni Nabucodonosor sa templo na nasa Jerusalem,
at nangadala sa Babilonia, masauli, at ipasok uli sa templo
na nasa Jerusalem, bawa't isa'y sa kanikaniyang dako, at
iyong ipaglalagay sa bahay ng Dios. 6 Ngayon nga, Tatnai,
na tagapamahala sa dako roon ng Ilog, Setharboznai, at ang
inyong mga kasama na mga Apharsachita, na nasa dako
roon ng Ilog, magsilayo kayo mula riyan: 7 Pabayaan ninyo
ang gawain sa bahay na ito ng Dios; ipahintulot ninyo na
itayo ng tagapamahala ng mga Judio at ng mga matanda ng

mga Judio ang bahay na ito ng Dios sa kaniyang dako. 8
Bukod dito'y gumagawa ako ng pasiya kung ano ang inyong
gagawin sa mga matandang ito ng mga Judio sa pagtatayo
ng bahay na ito ng Dios: na sa mga pag-aari ng hari, sa
makatuwid baga'y sa buwis sa dako roon ng Ilog, ang mga
magugugol ay ibigay ng buong sikap sa mga taong ito upang
huwag mangagluwat. 9 At ang kanilang kakailanganin, mga
guyang toro, at gayon din ang mga tupa, at mga kordero,
na ukol sa mga handog na susunugin para sa Dios ng
langit; trigo, asin, alak, at langis, ayon sa salita ng mga
saserdote na nangasa Jerusalem, ibigay sa kanila araw-
araw na walang pagsala. 10 Upang sila'y makapaghandog
ng mga hain na pinaka masarap na amoy sa Dios ng langit,
at idalangin ang buhay ng hari at ng kaniyang mga anak. 11
Ako nama'y gumawa ng pasiya, na sinomang bumago ng
salitang ito, hugutan ng isang sikang ang kaniyang bahay
at itaas siya, at mabitin doon; at ang kaniyang bahay ay
maging tipunan ng dumi dahil dito: 12 At lipulin ng Dios
na nagpatahan ng kaniyang pangalan doon ang lahat ng
mga hari at mga bayan, na maguunat ng kanilang kamay
na baguhin, upang gibain ang bahay na ito ng Dios na
nasa Jerusalem. Akong si Dario ang gumawa ng pasiya:
isagawa ng buong sikap. 13 Nang magkagayo'y si Tatnai na
tagapamahala sa dako roon ng Ilog, si Sethar-boznai, at
ang kanilang mga kasama, dahil sa iniutos ni Dario na hari,
ay gumawa ng buong sikap. 14 At ang mga matanda ng
mga Judio ay nangagtayo at nangapasulong, ayon sa hula
ni Haggeo na propeta at ni Zacarias na anak ni Iddo. At
kanilang itinayo at niyari, ayon sa utos ng Dios ng Israel, at
ayon sa pasiya ni Ciro at ni Dario, at ni Artajerjes na hari
sa Persia. 15 At ang bahay na ito ay nayari nang ikatlong
araw ng buwan ng Adar, nang ikaanim na taon ng paghahari
ni Dario na hari. 16 At ang mga anak ni Israel, ang mga
saserdote, at ang mga Levita, at ang mga nalabi sa mga anak
sa pagkabihag, ay nangagdiwang ng pagtatalaga ng bahay
na ito ng Dios na may kagalakan. 17 At sila'y nangaghandog
sa pagtatalaga ng bahay na ito ng Dios ng isang daang baka,
dalawang daang lalaking tupa, apat na raang kordero; at ang
pinakahandog dahil sa kasalanan na ukol sa buong Israel,
ay labing dalawang lalaking kambing, ayon sa bilang ng
mga lipi ng Israel. 18 At kanilang inilagay ang mga saserdote
sa kanilang mga bahagi, at ang mga Levita sa kanilang mga
paghahalihalili, sa paglilingkod sa Dios na nasa Jerusalem;
gaya ng nasusulat sa aklat ni Moises. 19 At ang mga anak
sa pagkabihag ay nangagdiwang ng pascua nang ikalabing
apat ng unang buwan. 20 Sapagka't ang mga saserdote
at ang mga Levita ay nangagpakalinis na magkakasama;
silang lahat ay malilinis: at kanilang pinatay ang kordero ng
paskua na ukol sa lahat ng mga anak sa pagkabihag, at sa
kanilang mga kapatid na mga saserdote, at sa kanilang sarili.
21 At ang mga anak ni Israel, na nangagbalik uli na mula
sa pagkabihag, at yaong lahat na sa kanila'y nagsihiwalay
sa karumihan ng mga bansa ng lupain, upang hanapin
ang Panginoon, ang Dios ng Israel, ay nagsikain. 22 At
nangagdiwang ng kapistahan ng tinapay na walang lebadura
na pitong araw na may kagalakan: sapagka't pinapagkatuwa
sila ng Panginoon at nanumbalik ang puso ng hari sa Asiria
sa kanila, upang palakasin ang kanilang mga kamay sa
gawain sa bahay ng Dios, ng Dios ng Israel.

7 Pagkatapos nga ng mga bagay na ito, sa paghahari ni
Artajerjes na hari sa Persia, si Ezra na anak ni Seraias, na
anak ni Azarias, na anak ni Hilcias, 2 Na anak ni Sallum, na
anak ni Sadoc, na anak ni Achitob, 3 Na anak ni Amarias, na
anak ni Azarias, na anak ni Meraioth, 4 Na anak ni Zeraias,
na anak ni Uzzi, na anak ni Bucci, 5 Na anak ni Abisue, na
anak ni Phinees, na anak ni Eleazar, na anak ni Aaron, na
pangulong saserdote: 6 Ang Ezra na ito ay yumaon mula sa
Babilonia. At siya'y kalihim na bihasa sa kautusan ni Moises,
na ibinigay ng Panginoon, ng Dios ng Israel: at tinulutan
siya ng hari sa lahat niyang kahilingan, ayon sa kamay ng
Panginoon niyang Dios na sumasa kaniya. 7 At nakiahon
sa Jerusalem ang ilan sa mga anak ni Israel, at sa mga
saserdote, at sa mga Levita, at sa mga mangaawit, at sa
mga tagatanod-pinto, at sa mga Nethineo, sa ikapitong taon
ni Artajerjes na hari. 8 At siya'y naparoon sa Jerusalem sa
ikalimang buwan, na sa ikapitong taon ng hari. 9 Sapagka't
sa unang araw ng unang buwan ay nagpasimula siyang
umahon mula sa Babilonia, at sa unang araw ng ikalimang
buwan ay dumating siya sa Jerusalem, ayon sa mabuting
kamay ng kaniyang Dios na sumasa kaniya. 10 Sapagka't
inilagak ni Ezra ang kaniyang puso na hanapin ang kautusan
ng Panginoon, at upang gawin, at upang magturo sa Israel
ng mga palatuntunan at mga kahatulan. 11 Ito nga ang
salin ng sulat na ibinigay ng haring Artajerjes kay Ezra na
saserdote, na kalihim, na kalihim sa mga salita ng mga utos
ng Panginoon, at ng kaniyang mga palatuntunan sa Israel.
12 Si Artajerjes, na hari ng mga hari, kay Ezra na saserdote,
na kalihim sa kautusan ng Dios ng langit, na sakdal at iba
pa. 13 Ako'y gumagawa ng pasiya, na silang lahat na sa
bayan ng Israel, at ang kanilang mga saserdote at ang
mga Levita, sa aking kaharian, na nagakala ng kanilang
sariling kusang kalooban na nagsiparoon sa Jerusalem, ay
magsisama sa iyo. 14 Yamang ikaw ay sinugo sa ganang
hari at ng kaniyang pitong kasangguni, upang magusisa
tungkol sa Juda at Jerusalem, ayon sa kautusan ng iyong
Dios na nasa iyong kamay; 15 At dalhin ang pilak at ginto na
inihandog na kusa ng hari at ng kaniyang mga kasangguni
sa Dios ng Israel, na ang tahanan ay nasa Jerusalem. 16

At ang lahat na pilak at ginto na iyong masusumpungan
sa buong lalawigan ng Babilonia, pati ng kusang handog
ng bayan, at ng mga saserdote, na mga naghahandog na
kusa sa bahay ng kanilang Dios na nasa Jerusalem; **17**
Kaya't ibibili mo ng buong sikap ang salaping ito ng mga
toro, mga lalaking tupa, mga kordero, pati ng mga handog
na harina at ng mga handog na inumin ng mga yaon, at
iyong ihahandog sa ibabaw ng dambana ng bahay ng inyong
Dios na nasa Jerusalem. **18** At anomang akalain mong
mabuti at ng iyong mga kapatid na gawin sa labis sa pilak at
ginto, gawin ninyo ayon sa kalooban ng inyong Dios. **19** At
ang mga sisidlang nabigay sa iyo na ukol sa paglilingkod
sa bahay ng iyong Dios, ibigay mo sa harap ng Dios sa
Jerusalem. **20** At anomang kakailanganin pa sa bahay ng
iyong Dios, na ipagkakailangan mong ibigay, ibigay mo na
mula sa bahay ng kayamanan ng hari. **21** At ako, akong si
Artajerjes na hari, nagpasiya sa lahat na mga tagaingat-
yaman na nasa dako roon ng Ilog, na anomang hingin sa
inyo ni Ezra na saserdote, na kalihim sa kautusan ng Dios
ng langit, ibigay ng buong sikap, **22** Hanggang isang daang
talentong pilak, at hanggang isang daang takal ng trigo, at
isang daang bath ng alak at isang daang bath ng langis, at
asin na walang tasa. **23** Anomang iniutos ng Dios ng langit,
gawing lubos sa bahay ng Dios ng langit; sapagka't bakit
magkakaroon ng poot ng Dios laban sa kaharian ng hari
at ng kaniyang mga anak? **24** Pinatototohanan din naman
namin sa inyo, na tungkol sa sinoman sa mga saserdote
at mga Levita, mga mangaawit, mga tagatanod-pinto, mga
Nethineo, o mga lingkod sa bahay na ito ng Dios, ay hindi
marapat na lapatan sila ng buwis, kabayaran, o upa. **25** At
ikaw, Ezra, ayon sa karunungan ng iyong Dios na nasa iyong
kamay, maghalal ka ng mga magistrado, at mga hukom,
na makakahatol sa buong bayan na nasa dako roon ng
Ilog, niyaong lahat na nakatatalos ng mga kautusan ng
iyong Dios; at turuan ninyo yaong hindi nakakaalam. **26**
At sinomang hindi tumupad ng kautusan ng iyong Dios, at
ng kautusan ng hari, gawin sa kaniya ang kahatulan ng
buong sikap, maging sa kamatayan, o sa pagtatapon o
sa pagsamsam ng mga pag-aari, o sa pagkabilanggo. **27**
Purihin ang Panginoon, ang Dios ng ating mga magulang,
na naglagak ng ganyang mga bagay na gaya nito sa puso
ng hari, na pagandahin ang bahay ng Panginoon na nasa
Jerusalem: **28** At nagdulot sa akin ng kahabagan sa harap
ng hari, at ng kaniyang mga kasangguni, at sa harap ng
lahat na may kayang prinsipe ng hari. At ako'y tumibay ayon
sa kamay ng Panginoon kong Dios na sumasa akin, at ako'y
nagpisan mula sa Israel ng mga pangulong lalake upang
magsiahong kasama ko.

**8** Ito nga ang mga pangulo ng mga sangbahayan ng
kanilang mga magulang, at ito ang talaan ng lahi nila na
nagsiahong kasama ko mula sa Babilonia, sa paghahari ni
Artajerjes na hari. **2** Sa mga anak ni Phinees, si Gerson;
sa mga anak ni Ithamar, si Daniel; sa mga anak ni David,
si Hattus. **3** Sa mga anak ni Sechanias: sa mga anak ni
Pharos, si Zacarias; at kasama niya na nabilang ayon sa
talaan ng lahi ang mga lalake na isang daan at limang pu.
**4** Sa mga anak ni Pahath-moab, si Eliehoenai na anak ni
Zarahias, at kasama niya'y dalawang daang lalake. **5** Sa
mga anak ni Sechanias, ang anak ni Jahaziel; at kasama
niya'y tatlong daang lalake. **6** At sa mga anak ni Adin,
si Ebed na anak ni Jonathan; at kasama niya ay limang
pung lalake. **7** At sa mga anak ni Elam, si Isaia na anak
ni Athalias, at kasama niya'y pitong pung lalake. **8** At sa
mga anak ni Sephatias, si Zebadias na anak ni Michael; at
kasama niya'y walong pung lalake. **9** Sa mga anak ni Joab,
si Obadias na anak ni Jehiel; at kasama niya'y dalawang
daan at labing walong lalake. **10** At sa mga anak ni Solomit,
ang anak ni Josiphias; at kasama niya'y isang daan at anim
na pung lalake. **11** At sa mga anak ni Bebai, si Zacarias na
anak ni Bebai; at kasama niya ay dalawang pu't walong
lalake. **12** At sa mga anak ni Azgad, si Johanan na anak ni
Catan; at kasama niya ay isang daan at sangpung lalake.
**13** At sa mga anak ni Adonicam, na siyang mga huli: at
ang mga ito ang kanilang mga pangalan: Eliphelet, Jeiel, at
Semaias, at kasama nila ay anim na pung lalake. **14** At sa
mga anak ni Bigvai, si Utai at si Zabud: at kasama nila ay
pitong pung lalake. **15** At pinisan ko sila sa ilog na umaagos
patungo sa Ahava; at doo'y nangagpahinga kaming tatlong
araw; at aking minasdan ang bayan at ang mga saserdote,
at walang nasumpungan doon sa mga anak ni Levi. **16** Nang
magkagayo'y ipinasundo ko si Eliezer, si Ariel, si Semaias,
at si Elnathan, at si Jarib, at si Elnathan, at si Nathan, at si
Zacarias, at si Mesullam, na mga pangulong lalake; gayon
din si Joiarib, at si Elnathan, na mga tagapagturo. **17** At aking
sinugo sila kay Iddo na pangulo sa dako ng Casipia; at aking
sinaysay sa kanila kung ano ang kanilang nararapat sabihin
kay Iddo, at sa kaniyang mga kapatid na mga Nethineo,
sa dako ng Casipia, upang sila'y mangagdala sa atin ng
mga tagapangasiwa sa bahay ng ating Dios. **18** At ayon sa
mabuting kamay ng ating Dios na sumasa atin ay nagdala
sila sa atin ng isang lalake na matalino, sa mga anak ni
Mahali, na anak ni Levi, na anak ni Israel; at si Serebias, pati
ng kaniyang mga anak na lalake at mga kapatid, labing walo:
**19** At si Hasabias, at kasama niya'y si Isaia sa mga anak ni
Merari, ang kaniyang mga kapatid at kaniyang mga anak na
lalake, dalawang pu; **20** At sa mga Nethineo, na ibinigay ni
David at ng mga pangulo sa paglilingkod sa mga Levita,

dalawang daan at dalawang pung Nethineo; silang lahat
ay nasasaysay ayon sa pangalan. 21 Nang magkagayo'y
nagtanyag ako ng ayuno doon, sa ilog ng Ahava, upang
tayo'y magpakababa sa harap ng ating Dios, upang humanap
sa kaniya ng matuwid na daan, sa ganang atin, at sa ating
mga bata, at sa lahat ng ating pag-aari. 22 Sapagka't ako'y
nahiyang humingi sa hari ng pulutong ng mga sundalo,
at ng mga mangangabayo upang tulungan tayo laban sa
mga kaaway sa daan: sapagka't aming sinalita sa hari, na
sinasabi, Ang kamay ng ating Dios ay sumasa kanilang lahat
na humahanap sa kaniya, sa ikabubuti; nguni't ang kaniyang
kapangyarihan at ang pagiinit ay laban sa kanilang lahat na
nagpapabaya sa kaniya. 23 Sa gayo'y nangagayuno tayo at
nagsidalangin sa ating Dios dahil dito: at dininig niya tayo. 24
Nang magkagayo'y inihiwalay ko ang labing dalawa sa mga
puno ng mga saserdote, sa makatuwid baga'y si Serebias, si
Hasabias, at sangpu sa kanilang mga kapatid na kasama
nila. 25 At tinimbang sa kanila ang pilak, at ang ginto, at ang
mga sisidlan, sa makatuwid baga'y ang handog sa bahay
ng ating Dios, na pinaghandugan ng hari, at ng kaniyang
mga kasangguni, at ng kaniyang mga prinsipe, at ng buong
Israel na nakaharap doon: 26 Akin ngang tinimbang sa
kanilang kamay ay anim na raan at limang pung talentong
pilak, at mga pilak na sisidlan ay isang daang talento: sa
ginto ay isang daang talento; 27 At dalawang pung mangkok
na ginto, na may isang libong dariko; at dalawang sisidlan
na pinong makinang na tanso, na halagang gaya ng ginto.
28 At sinabi ko sa kanila, Kayo'y banal sa Panginoon, at
ang mga sisidlan ay natatalaga; at ang pilak at ang ginto
ay kusang handog sa Panginoon, na Dios ng inyong mga
magulang. 29 Magsipagbantay kayo, at ingatan ninyo,
hanggang sa inyong matimbang sa harap ng mga puno ng
mga saserdote, at ng mga Levita, at ng mga prinsipe ng mga
sangbahayan ng mga magulang ng Israel, sa Jerusalem, sa
mga silid ng bahay ng Panginoon. 30 Sa gayo'y tinanggap
ng mga saserdote at ng mga Levita ang timbang ng pilak
at ginto, at ng mga sisidlan, upang dalhin sa Jerusalem,
sa bahay ng ating Dios. 31 Nang magkagayo'y nagsiyaon
tayo mula sa ilog ng Ahava, nang ikalabing dalawang araw
ng unang buwan, upang pumaroon sa Jerusalem: at ang
kamay ng ating Dios ay sumaatin, at iniligtas niya tayo sa
kamay ng kaaway at sa bumabakay sa daan. 32 At tayo ay
nagsidating sa Jerusalem, at nagsitahan doon na tatlong
araw. 33 At nang ikaapat na araw, ang pilak at ang ginto
at ang mga sisidlan ay natimbang sa bahay ng ating Dios
sa kamay ni Meremoth na anak ni Urias na saserdote (at
kasama niya si Eleazar na anak ni Phinees; at kasama
nila si Jozabad na anak ni Jesua, at si Noadias na anak ni
Binnui, na mga Levita) 34 Ang kabuoan sa pamamagitan
ng bilang, at ng timbang: at ang buong timbang ay nasulat
nang panahong yaon. 35 Ang mga anak sa pagkabihag, na
nagsipanggaling sa pagkatapon, ay nangaghandog ng mga
handog na susunugin sa Dios ng Israel, labing dalawang
toro sa ganang buong Israel, siyam na pu't anim na lalaking
tupa, pitong pu't pitong kordero, labing dalawang kambing
na lalake na pinakahandog dahil sa kasalanan: lahat ng ito'y
handog na susunugin sa Panginoon. 36 At kanilang ibinigay
ang mga bilin ng hari sa mga satrapa ng hari, at sa mga
tagapamahala sa dako roon ng Ilog: at kanilang pinasulong
ang bayan at ang bahay ng Dios.

9 Nang magawa nga ang mga bagay na ito, ang mga
prinsipe ay nagsilapit sa akin, na nangagsasabi: Ang
bayan ng Israel, at ang mga saserdote, at ang mga Levita,
ay hindi nagsihiwalay sa mga bayan ng mga lupain, na
nagsisigawa ng ayon sa kanilang mga karumaldumal, sa
makatuwid baga'y ang mga Cananeo, ang mga Hetheo, ang
mga Pherezeo, ang mga Jebuseo, ang mga Ammonita, ang
mga Moabita, ang mga taga Egipto, at ang mga Amorrheo.
2 Sapagka't kinuha nila ang kanilang mga anak na babae sa
ganang kanilang sarili, at sa kanilang mga anak na lalake,
na anopa't ang banal na binhi ay nahalo nga sa bayan ng
mga lupain: oo, ang kamay ng mga prinsipe at ng mga
pinuno ay naging puno sa pagsalangsang na ito. 3 At nang
mabalitaan ko ang bagay na ito, aking hinapak ang aking
suot at ang aking balabal, at binaltak ko ang buhok ng aking
ulo at ng aking baba, at ako'y naupong natitigilan. 4 Nang
magkagayo'y nagpipisan sa akin ang lahat na nanginginig
sa mga salita ng Dios ng Israel, dahil sa pagsalangsang nila
na sa pagkabihag; at ako'y naupong natitigilan hanggang
sa pagaalay sa hapon. 5 At sa pagaalay sa kinahapunan
ay bumangon ako sa aking pagpapakumbaba, na hapak
ang aking suot at ang aking balabal; at ako'y lumuhod ng
aking mga tuhod, at iniunat ko ang aking mga kamay sa
Panginoon kong Dios; 6 At aking sinabi, Oh aking Dios;
ako'y napahiya at namula na itaas ang aking mukha sa
iyo, na aking Dios: sapagka't ang aming mga kasamaan
ay nagsilala sa aming ulo, at ang aming sala ay umabot
hanggang sa langit. 7 Mula ng mga kaarawan ng aming mga
magulang ay naging totoong salarin kami hanggang sa araw
na ito; at dahil sa aming mga kasamaan, kami, ang aming
mga hari, at ang aming mga saserdote ay nangabigay sa
kamay ng mga hari ng mga lupain, sa tabak, sa pagkabihag,
sa pagkasamsam, at sa kahihiyan ng mukha, gaya sa araw
na ito. 8 At ngayon sa sandaling panahon ay napakita ang
biyaya na mula sa Panginoon naming Dios, upang iwan sa
amin ang isang nalabi na nakatanan at upang bigyan kami
ng isang pako sa kaniyang dakong banal, upang palinawin
ng aming Dios ang aming mga mata, at bigyan kami ng

kaunting kabuhayan sa aming pagkaalipin. **9** Sapagka't kami
ay mga alipin; gayon ma'y hindi kami pinabayaan ng aming
Dios sa aming pagkaalipin, kundi naggawad ng kaawaan
sa amin sa paningin ng mga hari sa Persia, upang bigyan
kami ng kabuhayan, upang itayo ang bahay ng aming Dios,
at upang husayin ang sira niyaon, at upang bigyan kami
ng kuta sa Juda at sa Jerusalem. **10** At ngayon, Oh aming
Dios, ano ang aming sasabihin pagkatapos nito? sapagka't
aming pinabayaan ang iyong mga utos. **11** Na iyong iniutos
sa pamamagitan ng iyong mga lingkod na mga propeta, na
nangagsasabi, Ang lupain, na inyong pinaroroonan upang
ariin, ay maruming lupain dahil sa mga karumihan ng mga
bayan ng mga lupain, dahil sa kanilang mga karumaldumal,
na pinuno sa dulo't dulo ng kanilang karumihan. **12** Ngayon
nga'y huwag ninyong ibigay ang inyong mga anak na babae
sa kanilang mga anak na lalake, ni kunin man ninyo ang
kanilang mga anak na babae sa ganang inyong mga anak
na lalake, ni hanapin ang kanilang kapayapaan o ang
kanilang kaginhawahan magpakailan man: na kayo baga'y
magsilakas, at magsikain ng buti ng lupain, at iwan ninyo na
pinakamana sa inyong mga anak magpakailan man. **13** At
pagkatapos ng lahat na dumating sa amin dahil sa aming
masamang mga gawa, at dahil sa aming malaking sala,
sa paraang ikaw na aming Dios ay nagparusa sa amin,
ng kulang kay sa marapat sa aming mga kasamaan, at
binigyan mo kami ng ganitong nalabi. **14** Amin ba uling
sisirain ang iyong mga utos, at makikipisan ng mahigpit
sa mga bayan na nagsisigawa ng mga karumaldumal na
ito? hindi ka ba magagalit sa amin hanggang sa inyong
malipol kami, na anopa't huwag magkaroon ng nalabi, o
ng sinomang nakatanan. **15** Oh Panginoon, na Dios ng
Israel, ikaw ay matuwid, sapagka't kami ay naiwan na isang
nalabi na nakatanan, na gaya sa araw na ito: narito, kami
ay nangasa harap mo sa aming sala; sapagka't walang
makatatayo sa harap mo dahil dito.

**10** Habang si Ezra nga ay dumadalangin, at nagpapahayag
ng kasalanan na umiiyak at nagpapatirapa sa harap
ng bahay ng Dios, nagpipisan sa kaniya mula sa Israel
ang isang napakalaking kapisanan ng mga lalake at mga
babae at mga bata: sapagka't ang bayan ay umiyak na
mainam. **2** At si Sechanias na anak ni Jehiel, na isa sa mga
anak ni Elam, ay sumagot at nagsabi kay Ezra: Kami ay
nagsisalangsang laban sa ating Dios, at nangagasawa sa
mga babaing taga ibang bayan ng lupain: gayon man, may
pagasa sa Israel tungkol sa bagay na ito. **3** Ngayon nga'y
mangakipagtipan tayo sa ating Dios, na ating ihiwalay ang
lahat na asawa, at ang mga ipinanganak nila, ayon sa payo
ng aking panginoon, at niyaong mga nanginginig sa utos
ng ating Dios; at gawin ayon sa kautusan. **4** Bumangon
ka: sapagka't bagay na ukol sa iyo, at kami ay sumasaiyo:
magpakatapang kang mabuti, at iyong gawin. **5** Nang
magkagayo'y tumindig si Ezra at pinasumpa ang mga puno
ng mga saserdote, ang mga Levita at ang buong Israel, na
kanilang gagawin ayon sa salitang ito. Sa gayo'y sumumpa
sila. **6** Nang magkagayo'y tumindig si Ezra mula sa harap ng
bahay ng Dios, at naparoon sa silid ni Johanan na anak ni
Eliasib: at nang siya'y dumating doon, siya'y hindi kumain ng
tinapay, o uminom man ng tubig: sapagka't siya'y nanangis
dahil sa pagsalangsang nila na sa pagkabihag. **7** At siya'y
gumawa ng pahayag sa Juda't Jerusalem sa lahat na mga
anak sa pagkabihag, na sila'y magpipisan sa Jerusalem; **8**
At yaong hindi pumaroon sa loob ng tatlong araw, ayon sa
payo ng mga prinsipe at ng mga matanda, lahat niyang pag-
aari ay sasamsamin, at ihihiwalay siya sa kapisanan ng sa
pagkabihag. **9** Nang magkagayo'y ang lahat na lalake ng
Juda at Benjamin ay nagpipisan sa Jerusalem sa loob ng
tatlong araw (siyang ikasiyam na buwan nang ikadalawang
pung araw ng buwan): at ang buong bayan ay naupo sa
luwal na dako sa harap ng bahay ng Dios, na nanginginig
dahil sa bagay na ito at dahil sa malakas na ulan. **10** At
si Ezra na saserdote ay tumayo, at nagsabi sa kanila:
Kayo'y nagsisalangsang, at nangagasawa ng mga babaing
tagaibang bayan, upang palalain ang sala ng Israel. **11**
Ngayon nga'y mangagpahayag kayo sa Panginoon, sa Dios
ng inyong mga magulang, at inyong gawin ang kaniyang
kalooban: at magsihiwalay kayo sa mga bayan ng lupain, at
sa mga babaing tagaibang bayan. **12** Nang magkagayo'y
ang buong kapisanan ay sumagot at nagsabi ng malakas,
Kung ano ang iyong sinabi tungkol sa amin, gayon ang
nararapat naming gawin. **13** Nguni't ang bayan ay marami,
at panahong maulan, at kami ay hindi makatatayo sa labas:
ni ito man ay gawa sa isang araw o dalawa: sapagka't
kami ay nagkasalang mainam sa bagay na ito. **14** Mahalal
ngayon ang ating mga prinsipe sa buong kapisanan, at
magsiparito sa takdang panahon yaong lahat na nangasa
ating mga bayan na nangagasawa sa mga babaing taga
ibang bayan, at pumaritong kasama nila ang mga matanda
ng lahat na bayan, at ang mga hukom doon, hanggang sa
ang mabangis na kapootan ng ating Dios ay mahiwalay
sa atin, hanggang sa ang bagay na ito ay matapos. **15** Si
Jonathan lamang na anak ni Asael, at si Jaazias na anak ni
Tikvah ang tumayo laban sa bagay na ito: at si Mesullam,
at si Sabethai na Levita ang tumulong sa kanila. **16** At
ginawang gayon ng mga anak sa pagkabihag. At si Ezra
na saserdote na kasama ng ilang mga pangulo ng mga
sangbahayan ng mga magulang, ayon sa mga sangbahayan
ng kanilang mga magulang, at silang lahat ayon sa kanilang
mga pangalan, ay nangaghiwalay; at sila'y nangaupo sa

unang araw ng ikasangpung buwan upang litisin ang bagay.
**17** At kanilang tinapos ang tungkol sa lahat na lalake na
nangagasawa sa mga babaing tagaibang bayan nang unang
araw ng unang buwan. **18** At sa mga anak ng mga saserdote
ay nangasumpungan na nangagasawa sa mga babaing
tagaibang bayan; sa mga anak ni Jesua, na anak ni Josadec,
at sa kaniyang mga kapatid, si Maasias, at si Elieser, at
si Jarib, at si Gedalias. **19** At sila'y nangakipagkamay na
kanilang ihihiwalay ang kanilang mga asawa; at yamang
mga salarin, sila'y nangaghandog ng isang lalaking tupa
sa kawan dahil sa kanilang sala. **20** At sa mga anak ni
Immer; si Hanani at si Zebadias. **21** At sa mga anak ni
Harim; si Maasias, at si Elias, at si Semeias, at si Jehiel,
at si Uzzias. **22** At sa mga anak ni Phasur; si Elioenai, si
Maasias, si Ismael, si Nathanael, si Jozabad at si Elasa. **23**
At sa mga Levita; si Jozabad, at si Simi, at si Kelaia (na siya
ring Kelita), si Pethaia, si Juda, at si Eliezer. **24** At sa mga
mangaawit: si Eliasib: at sa mga tagatanod-pinto; si Sellum,
at si Telem, at si Uri. **25** At sa Israel: sa mga anak ni Pharos;
si Ramia at si Izzias, at si Malchias, at si Miamim, at si
Eleazar, at si Malchias, at si Benaias. **26** At sa mga anak ni
Elam: si Mathanias, si Zacharias, at si Jehiel, at si Abdi, at si
Jeremoth, at si Elia. **27** At sa mga anak ni Zattu; si Elioenai,
si Eliasib, si Mathanias, at si Jeremoth, at si Zabad, at si
Aziza. **28** At sa mga anak ni Bebai; si Johanan, si Hananias,
si Zabbai, at si Atlai. **29** At sa mga anak ni Bani; si Mesullam,
si Malluch, at si Adaias, si Jasub, si Seal, at si Ramoth. **30**
At sa mga anak ni Pahath-moab; si Adna, at si Cheleal, si
Benaias, si Maasias, si Mathanias, si Besaleel, at si Bennui,
at si Manases. **31** At sa mga anak ni Harim; si Eliezer, si
Issia, at si Malchias, si Semeia, si Simeon; **32** Si Benjamin,
si Malluch, si Semarias. **33** Sa mga anak ni Hasum; si
Mathenai, si Mathatha, si Zabad, si Eliphelet, si Jeremai, si
Manases, at si Sami. **34** Sa mga anak ni Bani; si Maadi
si Amram, at si Uel; **35** Si Benaias, si Bedias, si Cheluhi;
**36** Si Vanias, si Meremoth, si Eliasib; **37** Si Mathanias, si
Mathenai, at si Jaasai; **38** At si Bani, at si Binnui, si Simi; **39**
At si Selemias, at si Nathan, at si Adaias; **40** Si Machnadbai,
si Sasai, si Sarai; **41** Si Azareel, at si Selemias, si Semarias;
**42** Si Sallum, si Amarias, si Joseph. **43** Sa mga anak ni
Nebo; si Jehiel, si Matithias, si Zabad, si Zebina, si Jadau, at
si Joel, si Benaias. **44** Lahat ng mga ito'y nangagasawa sa
mga babaing taga ibang bayan: at ang iba sa kanila ay may
mga asawang pinagkaroonan ng mga anak.

# Nehemias

1 Ang mga salita ni Nehemias na anak ni Hachalias.
Nangyari nga sa buwan ng Chislu, sa ikadalawang pung
taon, samantalang ako'y nasa bahay-hari sa Susan. 2 Na si
Hanani, na isa sa aking mga kapatid, ay dumating, siya at
ilang lalake na mula sa Juda; at tinanong ko sila ng tungkol
sa mga Judio na nakatanan, na nangaiwan sa pagkabihag,
at tungkol sa Jerusalem. 3 At sinabi nila sa akin, Ang
nalabi na naiwan sa pagkabihag doon sa lalawigan, ay nasa
malaking kapighatian at kakutyaan: ang kuta naman sa
Jerusalem ay nabagsak, at ang mga pintuang-bayan ay
nangasunog sa apoy. 4 At nangyari, nang marinig ko ang
mga salitang ito, na ako'y naupo at umiyak, at nanangis na
ilang araw; at ako'y nagayuno, at dumalangin sa harap ng
Dios ng langit. 5 At nagsabi, Aking idinadalangin sa iyo, Oh
Panginoon, na Dios ng langit, na dakila at kakilakilabot na
Dios, na nagiingat ng tipan at kaawaan sa nagsisiibig sa
kaniya, at nangagiingat ng kaniyang mga utos: 6 Pakinggan
ngayon ng iyong tainga, at idilat ang iyong mga mata,
upang iyong dinggin ang dalangin ng iyong lingkod, na
aking idinadalangin sa harap mo sa panahong ito, araw at
gabi, dahil sa mga anak ni Israel na iyong mga lingkod,
habang aking ipinahahayag ang mga kasalanan ng mga
anak ni Israel, na aming ipinagkasala laban sa iyo. Oo,
ako at ang sangbahayan ng aking magulang ay nagkasala:
7 Kami ay lubhang nagpakahamak laban sa iyo, at hindi
nangagingat ng mga utos, o ng mga palatuntunan man, o ng
mga kahatulan, na iyong iniutos sa iyong lingkod na kay
Moises. 8 Alalahanin mo, isinasamo ko sa iyo, ang salita na
iyong iniutos sa iyong lingkod na kay Moises, na sinasabi,
Kung kayo'y magsisalangsang, aking pangangalatin kayo sa
lahat na bayan: 9 Nguni't kung kayo'y magsibalik sa akin,
at ingatan ninyo ang aking mga utos, at gawin, bagaman
ang nangatapon sa inyo ay nasa kaduluduluhang bahagi
ng mga langit, akin ngang pipisanin sila mula roon, at
dadalhin ko sila sa dakong aking pinili upang patahanin
doon ang aking pangalan. 10 Ang mga ito nga'y ang
iyong mga lingkod at ang iyong bayan, na iyong tinubos
sa pamamagitan ng iyong dakilang kapangyarihan, at sa
pamamagitan ng iyong malakas na kamay. 11 Oh Panginoon,
isinasamo ko sa iyo, pakinggan ngayon ng inyong pakinig
ang dalangin ng iyong lingkod, at ang dalangin ng iyong mga
lingkod, na nangasasayahang matakot sa iyong pangalan: at
paginhawahin mo, isinasamo ko sa iyo, ang iyong lingkod sa
araw na ito, at pagkalooban mo siya ng kaawaan sa paningin
ng lalaking ito. (Ngayo'y tagahawak ako ng saro ng hari.)

2 At nangyari sa buwan ng Nisan, sa ikadalawang pung
taon ni Artajerjes na hari, nang ang alak ay nasa harap
niya, na aking kinuha ang alak at ibinigay ko sa hari. Hindi
nga ako nalungkot nang una sa kaniyang harapan. 2 At
sinabi ng hari sa akin, Bakit ang iyong mukha ay malungkot,
dangang wala kang sakit? ito'y dili iba kundi kalungkutan ng
puso. Nang magkagayo'y natakot akong mainam. 3 At sinabi
ko sa hari, Mabuhay ang hari magpakailan man: bakit ang
aking mukha ay hindi malulungkot, kung ang bayan, ang
dako ng mga libingan sa aking mga magulang ay giniba, at
ang mga pintuang-bayan niyaon ay nasupukan ng apoy? 4
Nang magkagayo'y sinabi ng hari sa akin, Ano ang iyong
hinihiling? Sa gayo'y dumalangin ako sa Dios ng langit. 5 At
nagsabi ako sa hari, Kung ikinalulugod ng hari, at kung ang
iyong lingkod ay nakasumpong ng biyaya sa iyong paningin
ay suguin mo ako sa Juda, sa bayan ng libingan sa aking
mga magulang, upang aking maitayo. 6 At ang hari ay
nagsabi sa akin, (ang reina ay nakaupo naman sa siping
niya, ) Magiging gaano kalaon ang iyong paglalakbay? at
kailan ka babalik? Sa gayo'y nalugod ang hari na suguin ako,
at nagtakda ako sa kaniya ng panahon. 7 Bukod dito'y sinabi
ko sa hari, Kung ikinalulugod ng hari, bigyan ako ng mga
sulat sa mga tagapamahala sa dako roon ng Ilog, upang
ako'y kanilang paraanin hanggang sa ako'y dumating sa
Juda; 8 At isang sulat kay Asaph na tagapagingat ng gubat
ng hari, upang bigyan niya ako ng mga kahoy na magawang
mga tahilan sa mga pintuang-daan ng kastillo na nauukol sa
bahay, at sa kuta ng bayan at sa bahay na aking papasukan.
At pinagkalooban ako ng hari ayon sa mabuting kamay ng
aking Dios na sumasa akin. 9 Nang magkagayo'y pumaroon
ako sa mga tagapamahala sa dako roon ng Ilog, at ibinigay
ko sa kanila ang mga sulat ng hari. Sinugo nga ako ng
hari na may kasamang mga punong kawal ng hukbo at
mga mangangabayo. 10 At nang mabalitaan ni Sanballat na
Horonita, at ni Tobias na lingkod, na Ammonita, ay namanlaw
na mainam, sapagka't may naparoong isang lalake upang
hanapin ang ikagagaling ng mga anak ni Israel. 11 Sa gayo'y
naparoon ako sa Jerusalem, at dumoon akong tatlong araw.
12 At ako'y bumangon sa kinagabihan, ako, at ilang lalake
na kasama ko; ni hindi ko man isinaysay sa kanino man
kung anong inilagak ng aking Dios sa aking puso na gawin
sa ikagagaling ng Jerusalem: wala rin namang anomang
hayop na kasama ako, liban sa hayop na aking sinasakyan.
13 At ako'y lumabas ng kinagabihan sa pintuang-bayan ng
libis, sa makatuwid baga'y sa dako ng balon ng dragon, at
sa pintuang-bayan ng tapunan ng dumi, at minasdan ko
ang mga kuta ng Jerusalem, na nangabagsak, at ang mga
pintuang-bayan na sinupok ng apoy. 14 Nang magkagayo'y
nagpatuloy ako sa pintuang-bayan ng bukal at sa tangke ng

hari: nguni't walang dakong mararaanan ang hayop sa ilalim
ko. 15 Nang magkagayo'y namaybay ako ng kinagabihan
sa batis, at aking minasdan ang kuta; at ako'y bumalik, at
pumasok sa pintuang-bayan ng libis, at sa gayo'y pumihit
ako. 16 At hindi naalaman ng mga pinuno kung saan
ako naparoon, o kung ano ang ginawa ko; ni hindi ko rin
isinaysay sa mga Judio, ni sa mga saserdote man, ni sa
mga mahal na tao man, ni sa mga pinuno man, ni sa nalabi
man na gumagawa ng gawain. 17 Nang magkagayo'y sinabi
ko sa kanila, Inyong nakikita ang masamang kalagayan
na kinaroroonan natin, kung paanong ang Jerusalem ay
guho at ang mga pintuang-bayan nito ay nasunog sa apoy:
kayo'y parito, at ating itayo ang kuta ng Jerusalem, upang
tayo'y huwag nang maging kadustaan. 18 At isinaysay ko
sa kanila ang kamay ng aking Dios na naging mabuti sa
akin, at gayon din ang mga salita ng hari na sinalita niya
sa akin. At kanilang sinabi, Magbangon tayo at magtayo.
Sa gayo'y kanilang pinalakas ang kanilang mga kamay sa
mabuting gawa. 19 Nguni't nang mabalitaan ni Sanballat
na Horonita, at ni Tobias na lingkod, na Ammonita, at ni
Gesem na taga Arabia, ay kanilang tinawanang mainam
kami, at hinamak kami, at sinabi, Ano itong bagay na inyong
ginagawa? manghihimagsik ba kayo laban sa hari? 20 Nang
magkagayo'y sumagot ako sa kanila, at sinabi ko sa kanila,
Ang Dios ng langit, siya ang magpapaginhawa sa amin:
kaya't kaming kaniyang mga lingkod ay magbabangon at
magtatayo: nguni't kayo'y walang bahagi, o matuwid man, o
alaala man, sa Jerusalem.

3 Nang magkagayo'y si Eliasib na pangulong saserdote
ay tumayo na kasama ng kaniyang mga kapatid na
mga saserdote, at kanilang itinayo ang pintuang-bayan ng
mga tupa; kanilang itinalaga, at inilagay ang mga pinto
niyaon; hanggang sa moog ng Meah ay kanilang itinalaga,
hanggang sa moog ng Hananeel. 2 At sumunod sa kaniya
ay nagsipagtayo ang mga lalake ng Jerico. At sumunod
sa kanila ay nagtayo si Zachur na anak ni Imri. 3 At ang
pintuang-bayan ng mga isda ay itinayo ng mga anak ni
Senaa; kanilang inilapat ang mga tahilan niyaon, at inilagay
ang mga pinto niyaon, ang mga trangka niyaon, at ang
mga halang niyaon. 4 At sumunod sa kanila ay hinusay ni
Meremoth na anak ni Urias, na anak ni Cos. At sumunod
sa kanila ay hinusay ni Mesullam, na anak ni Berechias,
na anak ni Mesezabeel. At sumunod sa kanila ay hinusay
ni Sadoc na anak ni Baana. 5 At sumunod sa kanila ay
hinusay ng mga Tecoita; nguni't hindi inilagay ng kanilang
mga mahal na tao ang kanilang mga leeg sa gawain ng
kanilang Panginoon. 6 At ang dating pintuang-bayan ay
hinusay ni Joiada na anak ni Pasea at ni Mesullam na anak
ni Besodias; kanilang inilapat ang mga tahilan niyaon, at
inilagay ang mga pinto niyaon, at ang mga trangka niyaon, at
ang mga halang niyaon. 7 At sumunod sa kanila ay hinusay
ni Melatias na Gabaonita, at ni Jadon na Meronothita,
ng mga lalaking taga Gabaon, at taga Mizpa, na ukol sa
luklukan ng tagapamahala sa dako roon ng Ilog. 8 Sumunod
sa kanila ay hinusay ni Uzziel na anak ni Harhaia, na platero.
At sumunod sa kaniya ay hinusay ni Hananias na isa sa
mga manggagawa ng pabango, at kanilang pinagtibay ang
Jerusalem, hanggang sa maluwang na kuta. 9 At sumunod
sa kanila ay hinusay ni Repaias na anak ni Hur, na pinuno
ng kalahating distrito ng Jerusalem. 10 At sumunod sa kanila
ay hinusay ni Jedaias na anak ni Harumaph, sa tapat ng
kaniyang bahay. At sumunod sa kaniya ay hinusay ni Hattus
na anak ni Hasbanias. 11 Ang ibang bahagi at ang moog ng
mga hurno ay hinusay ni Malchias na anak ni Harim, at ni
Hasub na anak ni Pahatmoab. 12 At sumunod sa kaniya ay
hinusay ni Sallum na anak ni Lohes, na pinuno ng kalahating
distrito ng Jerusalem, niya at ng kaniyang mga anak na
babae. 13 Ang pintuang-bayan ng libis ay hinusay ni Hanun,
at ng mga taga Zanoa; kanilang itinayo, at inilagay ang mga
pinto niyaon, ang mga trangka niyaon, at ang mga halang
niyaon, at isang libong siko sa kuta hanggang sa pintuang-
bayan ng tapunan ng dumi. 14 At ang pintuang-bayan ng
tapunan ng dumi ay hinusay ni Malchias na anak ni Rechab,
na pinuno ng distrito ng Beth-haccerem; kaniyang itinayo, at
inilagay ang mga pinto niyaon, ang mga trangka niyaon, at
ang mga halang niyaon. 15 At ang pintuang-bayan ng bukal
ay hinusay ni Sallum na anak ni Cholhoce, na pinuno ng
distrito ng Mizpa, kaniyang itinayo, at tinakpan, at inilagay
ang mga pinto niyaon, ang trangka niyaon, at ang mga
halang niyaon, at ang pader ng tangke ng Selah sa tabi ng
halamanan ng hari, hanggang sa mga baytang na paibaba
mula sa bayan ni David. 16 Sumunod sa kaniya ay hinusay
ni Nehemias na anak ni Azbuc, na pinuno ng kalahating
distrito ng Beth-sur, hanggang sa dako ng tapat ng mga
libingan ni David, at hanggang sa tangke na ginawa, at
hanggang sa bahay ng mga makapangyarihang lalake. 17
Sumunod sa kaniya ay hinusay ng mga Levita, ni Rehum na
anak ni Bani. Sumunod sa kaniya, ay hinusay ni Asabias, na
pinuno ng kalahating distrito ng Ceila, na pinaka distrito niya.
18 Sumunod sa kaniya ay hinusay ng kanilang mga kapatid,
ni Bavvai na anak ni Henadad, na pinuno ng kalahating
distrito ng Ceila. 19 At sumunod sa kaniya ay hinusay ni Ezer
na anak ni Jesua, na pinuno ng Mizpa, na ibang bahagi, sa
tapat ng sampahan sa lagayan ng mga sandata sa pagliko
ng kuta. 20 Sumunod sa kaniya ay hinusay na masikap ni
Baruch na anak ni Zachai ang ibang bahagi, mula sa may
pagliko ng kuta hanggang sa pintuan ng bahay ni Eliasib na
pangulong saserdote. 21 Sumunod sa kaniya ay hinusay

ni Meremoth, na anak ni Urias na anak ni Cos ang ibang
bahagi mula sa pintuan ng bahay ni Eliasib hanggang sa
hangganan ng bahay ni Eliasib. **22** At sumunod sa kaniya,
ay hinusay ng mga saserdote, na mga lalake sa Kapatagan.
**23** Sumunod sa kanila, ay hinusay ni Benjamin at ni Hasub
sa tapat ng kanilang bahay. Sumunod sa kanila ay hinusay
ni Azarias na anak ni Maasias na anak ni Ananias, sa
siping ng kaniyang sariling bahay. **24** Sumunod sa kaniya ay
hinusay ni Binnui na anak ni Henadad ang ibang bahagi,
mula sa bahay ni Azarias hanggang sa pagliko ng kuta, at
hanggang sa sulok. **25** Si Paal na anak ni Uzai ay naghusay
ng tapat ng may pagliko ng kuta, at ng moog na lumalabas
mula sa lalong mataas na bahay ng hari, na nasa tabi ng
looban ng bantay. Sumunod sa kaniya'y si Pedaia na anak
ni Pharos ang naghusay. **26** (Ang mga Nethineo nga ay
nagsitahan sa Ophel, hanggang sa dako na nasa tapat
ng pintuang-bayan ng tubig sa dakong silanganan, at ng
moog na nakalabas.) **27** Sumunod sa kaniya ay hinusay
ng mga Tecoita ang ibang bahagi, sa tapat ng malaking
moog na nakalabas, at hanggang sa pader ng Ophel. **28** Sa
itaas ng pintuang-bayan ng mga kabayo, mga saserdote
ang naghusay na bawa't isa'y sa tapat ng kaniyang sariling
bahay. **29** Sumunod sa kanila ay hinusay ni Sadoc na anak
ni Immer sa tapat ng kaniyang sariling bahay. At sumunod
sa kaniya ay hinusay ni Semaias na anak ni Sechanias na
tagatanod ng pintuang silanganan. **30** Sumunod sa kaniya
ay hinusay ni Hananias na anak ni Selemias, at ni Anun
na ikaanim na anak ni Salaph ang ibang bahagi. Sumunod
sa kaniya ay hinusay ni Mesullam na anak ni Berechias sa
tapat ng kaniyang silid. **31** Sumunod sa kaniya, ay hinusay ni
Malchias na isa sa mga platero sa bahay ng mga Nethineo,
at sa mga mangangalakal, sa tapat ng pintuang-bayan ng
Hammiphcad, at sa sampahan sa sulok. **32** At sa pagitan ng
sampahan sa sulok at ng pintuang-bayan ng mga tupa, ang
naghusay ay ang mga platero at ang mga mangangalakal.

**4** Nguni't nangyari, na nang mabalitaan ni Sanballat na
aming itinayo ang kuta, siya'y naginit, at nagalit na
mainam, at tinuya ang mga Judio. **2** At siya'y nagsalita sa
harap ng kaniyang mga kapatid, at ng hukbo ng Samaria,
at nagsabi, Anong ginagawa nitong mahihinang Judio?
magpapakatibay ba sila? mangaghahain ba sila? wawakasan
ba nila sa isang araw? kanila bang bubuhayin ang mga
bato mula sa mga bunton ng dumi, dangang nangasunog
na ang mga yaon? **3** Si Tobias nga na Ammonita ay nasa
tabi niya, at sinabi niya, Bagaman sila'y nangagtatayo,
kung ang isang zorra ay sumampa, ibabagsak ang kanilang
mga batong kuta. **4** Dinggin mo, Oh aming Dios: sapagka't
kami ay hinamak; at ibalik mo ang kanilang pagdusta sa
kanilang sariling ulo, at ibigay mo sila sa pagkasamsam sa
isang lupain sa pagkabihag: **5** At huwag mong ikubli ang
kanilang kasamaan, at huwag mong pawiin ang kanilang
kasalanan sa harap mo: sapagka't kanilang minungkahi
ka sa galit sa harap ng mga manggagawa. **6** Sa gayo'y
aming itinayo ang kuta; at ang buong kuta ay nahusay
hanggang sa kalahatian ng taas niyaon: sapagka't ang
bayan ay nagkaroon ng kaloobang gumawa. **7** Nguni't
nangyari, na nang mabalitaan ni Sanballat, at ni Tobias,
at ng mga taga Arabia, at ng mga Ammonita, at ng mga
Asdodita, na ipinatuloy ang paghuhusay ng mga kuta ng
Jerusalem, at ang mga sira ay pinasimulang tinakpan, sila
nga'y nangaginit na mainam; **8** At nagsipagbanta silang
lahat na magkakasama upang magsiparoon, at magsilaban
sa Jerusalem, at upang manggulo roon. **9** Nguni't kami
ay nagsidalangin sa aming Dios, at naglagay ng bantay
laban sa kanila araw at gabi, dahil sa kanila. **10** At ang
Juda ay nagsabi, Nawalan ng lakas ang mga tagadala
ng mga pasan, at may maraming dumi; na anopa't hindi
kami makapagtayo ng kuta. **11** At sinabi ng aming mga
kalaban: Sila'y hindi mangakakaalam, o mangakakakita
man hanggang sa kami ay magsidating sa gitna nila, at
patayin sila, at ipatigil ang gawain. **12** At nangyari, na nang
magsidating ang mga Judio na nagsisitahan sa siping nila,
sinabi nila sa aming makasangpu, mula sa lahat na dako:
Kayo'y marapat magsibalik sa amin. **13** Kaya't inilagay ko sa
mga pinakamababang dako ng pagitan ng likuran ng kuta, sa
mga luwal na dako, sa makatuwid baga'y aking inilagay ang
bayan ayon sa kanilang mga angkan, pati ng kanilang mga
tabak, ng kanilang mga sibat, at ng kanilang mga busog. **14**
At ako'y tumingin, at tumayo, at nagsabi sa mga mahal na
tao, at sa mga pinuno, at sa nalabi sa bayan: Huwag kayong
mangatakot sa kanila: inyong alalahanin ang Panginoon, na
dakila at kakilakilabot, at ipakipaglaban ninyo ang inyong
mga kapatid, ang inyong mga anak na lalake at babae, ang
inyong mga asawa at ang inyong mga bahay. **15** At nangyari,
nang mabalitaan ng aming mga kaaway na naalaman namin,
at iniuwi sa wala ng Dios ang kanilang payo, na kami na
nagsibalik na lahat sa kuta, bawa't isa'y sa kaniyang gawa.
**16** At nangyari, mula nang panahong yaon, na kalahati sa
aking mga lingkod ay nagsigawa sa gawain, at kalahati
sa kanila ay nagsisihawak ng mga sibat, mga kalasag,
at mga busog, at ng mga baluti; at ang mga pinuno ay
nangasa likuran ng buong sangbahayan ng Juda. **17** Silang
nangagtayo ng kuta, at silang nangagpapasan ng mga pasan
ay nagsipagsakbat, bawa't isa'y may isa ng kaniyang mga
kamay na iginagawa sa gawain, at may isa na inihahawak
ng kaniyang sakbat; **18** At ang mga manggagawa, bawa't
isa'y may kaniyang tabak na nakasabit sa kaniyang tagiliran,
at gayon gumagawa. At ang nagpapatunog ng pakakak ay

nasa siping ko. 19 At sinabi ko sa mga mahal na tao at sa
mga pinuno, at sa nalabi sa bayan: Ang gawain ay malaki at
malaon, at tayo'y nangagkakahiwalay sa kuta, isa'y malayo
sa isa: 20 Sa anomang dako na inyong marinig ang tunog
ng pakakak, ay makipisan kayo sa amin; ipakikipaglaban
tayo ng ating Dios. 21 Ganito nagsigawa kami sa gawain:
at kalahati sa kanila ay nagsisihawak ng mga sibat mula
sa pagbubukang liwayway hanggang sa ang mga bituin
ay magsilitaw. 22 Sinabi ko rin nang panahong yaon sa
bayan: Magsitahan bawa't isa sa Jerusalem, na kasama ng
kanikaniyang lingkod upang sa gabi ay maging bantay sila
sa atin, at makagawa sa araw. 23 Sa gayo'y maging ako, ni
ang aking mga kapatid man, ni ang aking mga lingkod man,
ni ang mga lalake mang bantay na nagsisisunod sa akin, ay
walang naghubad sa amin ng aming mga suot, na bawa't
isa'y yumaon na may kaniyang sandata sa tubig.

**5** Nang magkagayo'y umalingawngaw ang malakas na
daing ng bayan at ng kanilang mga asawa laban sa
kanilang mga kapatid na mga Judio, 2 Sapagka't may
nagsisipagsabi, Kami, ang aming mga anak na lalake at
babae ay marami: tulutan kaming magsikuha ng trigo, upang
aming makain at mabuhay kami. 3 May nagsisipagsabi
naman: Aming isinasangla ang aming mga bukid at ang
aming mga ubasan, at ang aming mga bahay: tulutan kaming
magsikuha ng trigo, dahil sa kasalatan. 4 May nagsisipagsabi
naman: Aming ipinangutang ng salapi ang buwis sa hari
na hinihingi sa aming mga bukid at aming mga ubasan. 5
Gayon ma'y ang aming laman ngayon ay gaya ng laman
ng aming mga kapatid, ang aming mga anak ay gaya ng
kanilang mga anak: at, narito, aming dinadala sa pagkaalipin
ang aming mga anak na lalake at babae upang maging mga
alipin, at ang iba sa aming mga anak na babae ay nangadala
sa pagkaalipin: wala man lamang kaming kapangyarihang
makatulong; sapagka't ibang mga tao ang nagtatangkilik ng
aming bukid at ng aming mga ubasan. 6 At ako'y nagalit na
mainam, nang aking marinig ang kanilang daing at ang mga
salitang ito. 7 Nang magkagayo'y sumangguni ako sa aking
sarili, at nakipagtalo ako sa mga mahal na tao at sa mga
pinuno, at nagsabi sa kanila, Kayo'y nangagpapatubo, bawa't
isa sa kaniyang kapatid. At ako'y nagdaos ng malaking
kapulungan laban sa kanila. 8 At sinabi ko sa kanila, Kami
ayon sa aming kaya ay aming tinubos ang aming mga
kapatid na mga Judio, na mga naipagbili sa mga bansa;
at inyo ba ring ipagbibili ang inyong mga kapatid, at sila'y
maipagbibili sa amin? Nang magkagayo'y nagsitahimik sila,
at hindi nakasumpong kailan man ng salita. 9 Sinabi ko rin,
Ang bagay na inyong ginagawa ay hindi mabuti: hindi ba
kayo marapat magsilakad sa takot sa ating Dios, dahil sa
pagdusta ng mga bansa, na ating mga kaaway? 10 At ako'y
gayon din, ang aking mga kapatid at ang aking mga lingkod
ay nangutang sa kanila ng salapi at trigo. Isinasamo ko sa
inyo na ating iwan ang patubong ito. 11 Isinasamo ko sa
inyo, na isauli ninyo sa kanila, sa araw ding ito, ang kanilang
mga bukid, at ang kanilang mga ubasan, ang kanilang
mga olibohan, at ang kanilang mga bahay, gayon din ang
ikasangdaang bahagi ng salapi, at ng trigo, ng alak, at ng
langis, na inyong hinihingi sa kanila. 12 Nang magkagayo'y
sinabi nila, Aming isasauli, at wala kaming hihilingin sa
kanila; gayon namin gagawin, gaya ng iyong sinasabi. Nang
magkagayo'y tinawag ko ang mga saserdote at pinanumpa
ko sila, na sila'y magsisigawa ng ayon sa pangakong ito. 13
Ipinagpag ko naman ang aking laylayan, at ako'y nagsabi,
Ganito ipagpag ng Dios ang bawa't tao mula sa kaniyang
bahay, at mula sa kaniyang gawain, na hindi tumupad ng
pangakong ito; sa makatuwid baga'y ganito ipagpag siya,
at mahungkag. At ang buong kapisanan ay nagsabi, Siya
nawa, at pumuri sa Panginoon. At ginawa ng bayan ayon
sa pangakong ito. 14 Bukod dito'y mula sa panahon na
ako'y mahalal na kanilang tagapamahala sa lupain ng Juda,
mula sa ikadalawang pung taon hanggang sa ikatatlong pu't
dalawang taon ni Artajerjes na hari, sa makatuwid baga'y
labing dalawang taon, ako at ang aking mga kapatid ay
hindi nagsikain ng tinapay ng tagapamahala. 15 Nguni't
ang mga dating tagapamahala na una sa akin ay naging
pasan sa bayan, at kumuha sa kanila ng tinapay at alak,
bukod sa apat na pung siklong pilak; oo, pati ng kanilang
mga lingkod ay nagpupuno sa bayan: nguni't ang gayon ay
hindi ko ginawa, dahil sa takot sa Dios. 16 Oo, ako nama'y
nagpatuloy sa gawain ng kutang ito, ni hindi man lamang
kami nagsibili ng anomang lupain: at ang lahat ng aking
mga lingkod ay nagpipisan doon sa gawain. 17 Bukod dito'y
nagkaroon sa dulang ko ng mga Judio at mga pinuno na
isang daan at limang pung tao, bukod sa nagsiparoon sa
amin na mula sa mga bansa na nasa palibot namin. 18
Ang inihahanda nga sa bawa't araw ay isang baka at anim
na piling tupa; mga ibon naman ay nahanda sa akin, at
minsan sa sangpung araw ay sarisaring alak na masagana:
gayon ma'y sa lahat ng ito ay hindi ako humingi ng tinapay
sa tagapamahala, sapagka't ang pagkaalipin ay mabigat
sa bayang ito. 19 Alalahanin mo ako, Oh aking Dios, sa
ikabubuti, lahat na aking ginawa dahil sa bayang ito.

**6** Nangyari nga nang maibalita kay Sanballat at kay Tobias,
at kay Gesem na taga Arabia, at sa nalabi sa aming mga
kaaway, na aking naitayo na ang kuta, at wala nang sirang
naiiwan doon; (bagaman hanggang sa panahong yaon ay
hindi ko pa nailalagay ang mga pinto sa mga pintuang-
bayan; ) 2 Na si Sanballat at si Gesem ay nagsugo sa akin,
na nagpapasabi, Ikaw ay parito, magkikita tayo sa isa ng

mga nayon sa mga kapatagan ng Ono. Nguni't pinagisipan
nila akong gawan ng masama. 3 At ako'y nagsugo ng
mga sugo sa kanila, na nangagsasabi, Ako'y gumagawa ng
dakilang gawain, na anopa't hindi ako makababa: bakit ititigil
ang gawain, habang aking maiiwan, at binababa kayo? 4
At sila'y nangagsugo sa aking makaapat sa dahilang ito;
at sinagot ko sila ng ayon sa gayon ding paraan. 5 Nang
magkagayo'y sinugo ni Sanballat ang kaniyang lingkod sa
akin ng gaya ng paraan ng ikalima na may bukas na sulat
sa kaniyang kamay. 6 Na kinasusulatan: Naibalita sa mga
bansa, at sinasabi ni Gasmu na ikaw at ang mga Judio
ay nagaakalang manghimagsik; na siyang kadahilanan ng
iyong pagtatayo ng kuta: at ikaw ay magiging kanilang hari
ayon sa mga salitang ito. 7 At ikaw naman ay naghalal
ng mga propeta upang magsipangaral tungkol sa iyo sa
Jerusalem, na nangagsasabi, May isang hari sa Juda; at
ngayo'y ibabalita sa hari ang ayon sa mga salitang ito.
Parito ka nga ngayon, at magsanggunian tayo. 8 Nang
magkagayo'y nagsugo ako sa kaniya, na aking sinasabi,
Walang ganyang mga bagay na nagawa na gaya ng iyong
sinasabi, kundi iyong mga pinagbubuhat sa iyong sariling
puso. 9 Sapagka't ibig nilang lahat na sidlan ng takot kami,
na sinasabi, Ang kanilang mga kamay ay manganghihina
sa gawain na anopa't hindi mayayari. Nguni't ngayon, Oh
Dios, palakasin mo ang aking mga kamay. 10 At ako'y
naparoon sa bahay ni Semaias na anak ni Delaias na
anak ni Mehetabeel na nakulong; at kaniyang sinabi, Tayo'y
magpupulong na magkakasama sa bahay ng Dios, sa loob
ng templo, at ating isara ang mga pinto ng templo: sapagka't
sila'y magsisiparito upang patayin ka; oo, sa kinagabiha'y
magsisiparito sila upang patayin ka. 11 At aking sinabi,
Tatakas ba ang isang lalaking gaya ko? at sino kaya; na sa
paraang gaya ko, ay paroroon sa templo upang iligtas ang
kaniyang buhay? hindi ako papasok. 12 At nahalata ko, at,
narito, hindi siya sinugo ng Dios; kundi kaniyang sinaysay
ang hulang ito laban sa akin: at inupahan siya ni Tobias, at
ni Sanballat. 13 Dahil sa bagay na ito inupahan siya, upang
ako'y matakot, at gumawa ng gayon, at magkasala, at upang
sila'y magkaroon ng dahilan sa isang masamang pinaka
hiwatig, upang kanilang madusta ako. 14 Alalahanin mo,
Oh aking Dios, si Tobias at si Sanballat ayon sa ganitong
mga gawa nila, at gayon din ang propetisa na Noadias, at
ang nalabi sa mga propeta, na ibig nilang sidlan ako ng
katakutan. 15 Sa gayo'y natapos ang kuta sa ikadalawang
pu't limang araw ng buwan ng Elul, sa limang pu't dalawang
araw. 16 At nangyari, nang mabalitaan ng lahat naming mga
kaaway, na ang lahat ng mga bansa na nangasa palibot
namin ay nangatakot, at nangalumatang mainam: sapagka't
kanilang nahalata na ang gawang ito ay gawa ng aming
Dios. 17 Bukod dito'y sa mga araw na yao'y ang mga mahal
na tao sa Juda ay nangagpadala ng maraming sulat kay
Tobias at ang mga sulat ni Tobias ay dumating sa kanila.
18 Sapagka't marami sa Juda na nanganumpa sa kaniya,
sapagka't siya'y manugang ni Sechanias na anak ni Arah; at
ang kaniyang anak na si Johanan ay nagasawa sa anak na
babae ni Mesullam na anak ni Berechias. 19 Sila nama'y
nangagsalita ng kaniyang mga mabuting gawa sa harap ko,
at ibinalita ang aking mga salita sa kaniya. At si Tobias ay
nagpadala ng mga sulat upang sidlan ako ng katakutan.

7 Nangyari nga nang ang kuta ay maitayo, at aking mailagay
ang mga pinto, at ang mga tagatanod-pinto, at ang mga
mangaawit, at ang mga Levita ay mangahalal. 2 Na aking
ibinigay kay Hanani, na aking kapatid at kay Hananias na
tagapamahala ng kuta, ang pamamahala sa Jerusalem:
sapagka't siya'y tapat na lalake at natatakot sa Dios na
higit kay sa marami. 3 At aking sinabi sa kanila, Huwag
buksan ang mga pintuang-bayan ng Jerusalem hanggang sa
ang araw ay uminit; at samantalang sila'y nangagbabantay,
isara nila ang mga pinto, at inyong mga itrangka: at kayo'y
mangaghalal ng mga bantay sa mga taga Jerusalem, bawa't
isa'y sa kaniyang pagbabantay, at bawa't isa'y sa tapat ng
kaniyang bahay. 4 Ang bayan nga ay maluwang at malaki:
nguni't ang mga tao ay kakaunti roon, at ang mga bahay ay
hindi naitatayo pa. 5 At inilagak ng aking Dios sa aking puso
na pisanin ang mga mahal na tao, at ang mga pinuno, at ang
bayan, upang mangabilang ayon sa talaan ng lahi. At aking
nasumpungan ang aklat ng talaan ng lahi nila na nagsiahon
noong una, at aking nasumpungang nakasulat doon: 6
Ang mga ito sa nangadala, ang mga anak ng lalawigan, na
nagsiahon mula sa pagkabihag na dinala ni Nabucodonosor
na hari sa Babilonia, at nagsibalik sa Jerusalem at sa Juda,
na bawa't isa'y sa kaniyang bayan; 7 Na siyang nagsisama
kay Zorobabel, kay Jesua, kay Nehemias, kay Azarias, kay
Raamias, kay Nahamani, kay Mardocheo, kay Bilsan, kay
Misperet, kay Bigvai, kay Nehum, kay Baana. Ang bilang
ng mga lalake ng Israel ay ito: 8 Ang mga anak ni Paros,
dalawang libo't isang daan at pitong pu't dalawa. 9 Ang mga
anak ni Sephatias, tatlong daan at pitong pu't dalawa. 10
Ang mga anak ni Ara, anim na raan at limang pu't dalawa.
11 Ang mga anak ni Pahath-moab, sa mga anak ni Jesua at
ni Joab, dalawang libo't walong daan at labing walo. 12 Ang
mga anak ni Elam, isang libo't dalawang daan at limang pu't
apat. 13 Ang mga anak ni Zattu, walong daan at apat na
pu't lima. 14 Ang mga anak ni Zachai, pitong daan at anim
na pu. 15 Ang mga anak ni Binnui, anim na raan at apat
na pu't walo. 16 Ang mga anak ni Bebai, anim na raan at
dalawang pu't walo. 17 Ang mga anak ni Azgad, dalawang
libo't tatlong daan at dalawang pu't dalawa. 18 Ang mga

anak ni Adonicam, anim na raan at anim na pu't pito. **19** Ang
mga anak ni Bigvai, dalawang libo't anim na pu't pito. **20** Ang
mga anak ni Addin, anim na raan at limang pu't lima. **21**
Ang mga anak ni Ater, ni Ezechias, siyam na pu't walo. **22**
Ang mga anak ni Hasum, tatlong daan at dalawang pu't
walo. **23** Ang mga anak ni Besai, tatlong daan at dalawang
pu't apat. **24** Ang mga anak ni Hariph, isang daan at labing
dalawa. **25** Ang mga anak ni Gabaon, siyam na pu't lima.
**26** Ang mga lalake ng Bethlehem, at ng Netopha, isang
daan at walong pu't walo. **27** Ang mga lalake ng Anathoth,
isang daan at dalawang pu't walo. **28** Ang mga lalake ng
Beth-azmaveth, apat na pu't dalawa. **29** Ang mga lalake ng
Chiriathjearim, ng Chephra, at ng Beeroth, pitong daan at
apat na pu't tatlo. **30** Ang mga lalake ng Rama, at ng Gebaa,
anim na raan at dalawang pu't isa. **31** Ang mga lalake ng
Michmas, isang daan at dalawang pu't dalawa. **32** Ang mga
lalake ng Beth-el at ng Ai isang daan at dalawang pu't tatlo.
**33** Ang mga lalake ng isang Nebo, limang pu't dalawa. **34**
Ang mga anak ng isang Elam, isang libo't dalawang daan
at limang pu't apat. **35** Ang mga anak ni Harim, tatlong
daan at dalawang pu. **36** Ang mga anak ni Jerico, tatlong
daan at apat na pu't lima. **37** Ang mga anak ni Lod, ni
Hadid, at ni Ono, pitong daan at dalawang pu't isa. **38** Ang
mga anak ni Senaa, tatlong libo at siyam na raan at tatlong
pu. **39** Ang mga saserdote: ang mga anak ni Jedaias sa
sangbahayan ni Jesua, siyam na raan at pitong pu't tatlo. **40**
Ang mga anak ni Immer, isang libo't limang pu't dalawa.
**41** Ang mga anak ni Pashur, isang libo't dalawang daan at
apat na pu't pito. **42** Ang mga anak ni Harim, isang libo't
labing pito. **43** Ang mga Levita: ang mga anak ni Jesua,
ni Cadmiel, sa mga anak ni Odevia, pitong pu't apat. **44**
Ang mga mangaawit: ang mga anak ni Asaph isang daan at
apat na pu't walo. **45** Ang mga tagatanod-pinto: ang mga
anak ni Sallum, ang mga anak ni Ater, ang mga anak ni
Talmon, ang mga anak ni Accub, ang mga anak ni Hatita,
ang mga anak ni Sobai, isang daan at tatlong pu't walo. **46**
Ang mga Nethineo: ang mga anak ni Siha, ang mga anak ni
Hasupha, ang mga anak ni Thabaoth; **47** Ang mga anak ni
Ceros, ang mga anak ni Siaa, ang mga anak ni Phadon:
**48** Ang mga anak ni Lebana, ang mga anak ni Hagaba,
ang mga anak ni Salmai; **49** Ang mga anak ni Hanan, ang
mga anak ni Giddel, ang mga anak ni Gahar; **50** Ang mga
anak ni Rehaia, ang mga anak ni Resin, ang mga anak ni
Necoda; **51** Ang mga anak ni Gazzam, ang mga anak ni
Uzza, ang mga anak ni Phasea; **52** Ang mga anak ni Besai,
ang mga anak ni Meunim, ang mga anak ni Nephisesim; **53**
Ang mga anak ni Bacbuc, ang mga anak ni Hacupha, ang
mga anak ni Harhur; **54** Ang mga anak ni Baslit, ang mga
anak ni Mehida, ang mga anak ni Harsa; **55** Ang mga anak
ni Barcos, ang mga anak ni Sisera, ang mga anak ni Tema;
**56** Ang mga anak ni Nesia, ang mga anak ni Hatipha. **57** Ang
mga anak ng mga lingkod ni Salomon; ang mga anak ni
Sotai, ang mga anak ni Sophereth, ang mga anak ni Perida;
**58** Ang mga anak ni Jahala, ang mga anak ni Darcon, ang
mga anak ni Giddel; **59** Ang mga anak ni Sephatias, ang
mga anak ni Hattil, ang mga anak ni Pochereth-hassebaim,
ang mga anak ni Amon. **60** Lahat ng Nethineo, at ang mga
anak ng mga lingkod ni Salomon, ay tatlong daan at siyam
na pu't dalawa. **61** At ang mga ito ang nagsiahon mula sa
Telmelah, Telharsa, Cherub, Addon, at Immer: nguni't hindi
nila naipakilala ang mga sangbahayan ng kanilang mga
magulang, o ang kanilang binhi man kung mga taga Israel:
**62** Ang mga anak ni Delaia, ang mga anak ni Tobias, ang
mga anak ni Necoda, anim na raan at apat na pu't dalawa.
**63** At sa mga saserdote: ang mga anak ni Hobaias, ang mga
anak ni Cos, ang mga anak ni Barzillai, na nagasawa sa
anak ni Barzillai, na Galaadita, at tinawag ayon sa kanilang
pangalan. **64** Ang mga ito ay nagsihanap ng kanilang talaan
ng lahi sa mga yaon na nangabilang sa pamamagitan ng
talaan ng lahi, nguni't hindi nasumpungan: kaya't sila'y
nangabilang na hawa, at nangaalis sa pagkasaserdote. **65**
At ang tagapamahala ay nagsabi sa kanila na sila'y huwag
magsikain ng mga kabanalbanalang bagay, hangang sa
tumayo ang isang saserdote na may Urim at may Thummim.
**66** Ang buong kapisanang magkakasama ay apat na pu't
dalawang libo at tatlong daan at anim na pu. **67** Bukod sa
kanilang mga bataang lalake at babae, na may pitong libo at
tatlong daan at tatlong pu't pito: at sila'y may dalawang daan
at apat na pu't lima na mangaawit na lalake at babae. **68**
Ang kanilang mga kabayo ay pitong daan at tatlong pu't
anim; ang kanilang mga mula, dalawang daan at apat na pu't
lima; **69** Ang kanilang mga kamelyo, apat na raan at tatlong
pu't lima; ang kanilang mga asno, anim na libo't pitong
daan at dalawang pu. **70** At ang mga iba sa mga pangulo
ng mga sangbahayan ng mga magulang ay nangagbigay
sa gawain. Ang tagapamahala ay nagbigay sa ingatang-
yaman ng isang libong darikong ginto, limangpung mangkok,
limang daan at tatlong pung bihisan ng mga saserdote. **71**
At ang iba sa mga pangulo ng mga sangbahayan ng mga
magulang ay nangagbigay sa ingatang-yaman ng gawain
ng dalawang pung libong darikong ginto, at dalawang libo
at dalawang daang librang pilak. **72** At ang nangalabi sa
bayan ay nangagbigay ng dalawang pung libong darikong
ginto, at dalawang libong librang pilak, at anim na pu't pitong
bihisan ng mga saserdote. **73** Sa gayo'y ang mga saserdote,
at ang mga Levita, at ang mga tagatanod-pinto, at ang mga
mangaawit, at ang iba sa bayan, at ang mga Nethineo, at
ang buong Israel, ay nagsitahan sa kanilang mga bayan. At

nang dumating ang ikapitong buwan ang mga anak ni Israel
ay nangasa kanilang mga bayan.

**8** At ang buong bayan ay nagpipisan na parang isang
lalake sa luwal na dako na nasa harap ng pintuang-bayan
ng tubig; at sila'y nangagsalita kay Ezra na kalihim, na dalhin
ang aklat ng kautusan ni Moises, na iniutos ng Panginoon sa
Israel. **2** At dinala ni Ezra na saserdote ang aklat ng kautusan
sa harap ng kapisanan, na mga lalake at mga babae, at
lahat na makadidinig na may kaalaman nang unang araw
ng ikapitong buwan. **3** At binasa niya roon sa harap ng
luwal na dako na nasa harap ng pintuang-bayan ng tubig,
mula sa madaling araw hanggang sa katanghaliang tapat sa
harapan ng mga lalake at mga babae, at ng makakaalam: at
ang mga pakinig ng buong bayan ay nakikinig sa aklat ng
kautusan. **4** At si Ezra na kalihim ay tumayo sa pulpitong
kahoy, na kanilang ginawa sa panukalang ito; at sa tabi niya
ay nakatayo si Mathithias, at si Sema, at si Anaias, at si
Urias, at si Hilcias, at si Maasias, sa kaniyang kanan; at sa
kaniyang kaliwa, si Pedaias, at si Misael, at si Malchias, at si
Hasum, at si Hasbedana, si Zacharias, at si Mesullam. **5** At
binuksan ni Ezra ang aklat sa paningin ng buong bayan;
(sapagka't siya'y nasa mataas sa buong bayan; ) at nang
kaniyang buksan, ang buong bayan ay tumayo: **6** At si Ezra
ay pumuri sa Panginoon, na dakilang Dios. At ang buong
bayan ay sumagot: Siya nawa, Siya nawa, na may pagtataas
ng kanilang mga kamay: at kanilang iniyukod ang kanilang
mga ulo, at nagsisamba sa Panginoon na ang kanilang mga
mukha'y nakatungo sa lupa. **7** Si Jesua naman, at si Bani, at
si Serebias, at si Jamin, si Accub, si Sabethai, si Odias, si
Maasias, si Celita, si Azarias, si Jozabed, si Hanan, si Pelaia,
at ang mga Levita, ay nangagpakilala sa bayan ng kautusan;
at ang bayan ay nakatayo sa kanilang dako. **8** At sila'y
nagsibasa sa aklat, sa kautusan ng Dios, na maliwanag; at
kanilang ibinigay ang kahulugan, na anopa't kanilang nabatid
ang binasa. **9** At si Nehemias na siyang tagapamahala,
at si Ezra na saserdote na kalihim, at ang mga Levita na
nangagturo sa bayan, ay nangagsabi sa buong bayan: Ang
araw na ito ay banal sa Panginoon ninyong Dios; huwag
kayong magsitaghoy, ni magsiiyak man. Sapagka't ang
buong bayan ay umiyak, nang kanilang marinig ang mga
salita ng kautusan. **10** Nang magkagayo'y kaniyang sinabi sa
kanila, Magsilakad kayo ng inyong lakad, magsikain kayo ng
taba, at magsiinom kayo ng matamis; at mangagpadala kayo
ng mga bahagi roon sa walang naihanda: sapagka't ang
araw na ito ay banal sa ating Panginoon: huwag din kayong
mangamanglaw; sapagka't ang kagalakan sa Panginoon
ay inyong kalakasan. **11** Sa gayo'y napatahimik ng mga
Levita ang buong bayan, na sinasabi, Kayo'y magsitahimik,
sapagka't ang kaarawan ay banal; ni huwag man kayong
mamanglaw. **12** At ang buong bayan ay yumaon ng kanilang
lakad na nagsikain at nagsiinom at nangagpadala ng mga
bahagi, at nangagsayang mainam sapagka't kanilang nabatid
ang mga salita na ipinahayag sa kanila. **13** At nang ikalawang
araw ay nagpipisan ang mga pangulo ng mga sangbahayan
ng mga magulang ng buong bayan, ang mga saserdote,
at ang mga Levita, kay Ezra na kalihim, upang makinig
sa mga salita ng kautusan. **14** At kanilang nasumpungang
nakasulat sa kautusan, kung paanong iniutos ng Panginoon,
sa pamamagitan ni Moises, na ang mga anak ni Israel ay
magsitahan sa mga balag sa kapistahan ng ikapitong buwan:
**15** At kanilang ihahayag at itatanyag sa lahat ng kanilang
mga bayan, at sa Jerusalem, na sasabihin: Magsilabas kayo
sa bundok, at magsikuha kayo ng mga sanga ng olibo, at ng
mga sanga ng olibong gubat, at ng mga sanga ng mirto, at
mga sanga ng palma, at mga sanga ng mga mayabong na
punong kahoy, upang magsigawa ng mga balag, gaya ng
nakasulat. **16** Sa gayo'y lumabas ang bayan, at nangagdala
sila, at nagsigawa ng mga balag, bawa't isa'y sa bubungan
ng kaniyang bahay, at sa kanilang mga looban, at sa mga
looban ng bahay ng Dios, at sa luwal na dako ng pintuang-
bayan ng tubig, at sa luwal na dako ng pintuang-bayan ng
Ephraim. **17** At ang buong kapisanan nila na bumalik na
mula sa pagkabihag ay gumawa ng mga balag, at tumahan
sa mga balag: sapagka't mula ng mga araw ni Josue na
anak ni Nun hanggang sa araw na yaon ay hindi nagsigawa
ang mga anak ni Israel ng gayon. At nagkaroon ng totoong
malaking kasayahan. **18** Gayon din naman araw-araw, mula
sa unang araw hanggang sa huling araw, kaniyang binasa
ang aklat ng kautusan ng Dios. At kanilang ipinagdiwang
ang kapistahan na pitong araw; at sa ikawalong araw ay
takdang kapulungan, ayon sa ayos.

**9** Nang ikadalawang pu't apat na araw nga ng buwang
ito ay nagpupulong ang mga anak ni Israel na may
pagaayuno, at may pananamit na magaspang, at may lupa
sa ulo nila. **2** At ang binhi ni Israel ay nagsihiwalay sa lahat
na taga ibang bayan, at nagsitayo at nangagpahayag ng
kanilang mga kasalanan, at ng mga kasamaan ng kanilang
mga magulang. **3** At sila'y nagsitayo sa kanilang dako, at
bumasa sa aklat ng kautusan ng Panginoon nilang Dios
ng isang ikaapat na bahagi ng araw; at ang isang ikaapat
na bahagi ay nagpahayag ng kasalanan, at nagsisamba
sa Panginoon nilang Dios. **4** Nang magkagayo'y nagsitayo
sa mga baytang ng mga Levita, si Jesua, at si Bani, si
Cadmiel, si Sebanias, si Bunni, si Serebias, si Bani at si
Chenani, at nagsidaing ng malakas sa Panginoon nilang
Dios. **5** Nang magkagayo'y ang mga Levita; si Jesua at si
Cadmiel, si Bani, at si Hosabnias, si Serebias, si Odaias, si
Sebanias, at si Pethaia, ay nagsipagsabi, Kayo'y magsitayo

at magsipuri sa Panginoon ninyong Dios na mula sa walang
pasimula hanggang sa walang hanggan: at purihin ang iyong
maluwalhating pangalan, na nataas ng higit sa lahat ng
pagpapala at pagpuri. 6 Ikaw ang Panginoon, ikaw lamang;
ikaw ang lumikha ng langit, ng langit ng mga langit, pati
ng lahat na natatanaw roon, ng lupa at ng lahat na bagay
na nangaroon, ng mga dagat at ng lahat na nangaroon,
at iyong pinamalaging lahat; at ang hukbo ng langit ay
sumasamba sa iyo. 7 Ikaw ang Panginoon na Dios, na
siyang pumili kay Abram, at naglabas sa kaniya sa Ur ng
mga Caldeo, at nagbigay sa kaniya ng pangalang Abraham.
8 At nasumpungan mo ang kaniyang puso na tapat sa harap
mo, at nakipagtipan ka sa kaniya, upang ibigay ang lupain ng
Cananeo, ng Hetheo, at ng Amorrheo, at ng Pherezeo, at ng
Jebuseo, at ng Gergeseo, upang ibigay sa kaniyang binhi, at
tumupad ng iyong mga salita; sapagka't ikaw ay matuwid. 9
At iyong nakita ang kadalamhatian ng aming mga magulang
sa Egipto, at iyong dininig ang kanilang daing sa tabi ng
Dagat na Mapula: 10 At nagpakita ka ng mga tanda at mga
kababalaghan kay Faraon, at sa lahat niyang mga lingkod, at
sa buong bayan ng kaniyang lupain; sapagka't iyong nakilala
na sila'y nagsigawa na may kapalaluan laban sa kanila; at
ipinagimbot mo ikaw ng pangalan gaya sa araw na ito. 11
At iyong hinawi ang dagat sa harap nila na anopa't sila'y
nagsidaan sa gitna ng dagat sa tuyong lupa; at ang mga
manghahabol sa kanila ay iyong ibinulusok sa mga kalaliman
na gaya ng isang bato sa malalim na tubig. 12 Bukod dito'y
iyong pinatnubayan sila sa isang tila haliging ulap sa araw;
at sa isang tila haliging apoy sa gabi, upang bigyan sila ng
tanglaw sa daan na kanilang lalakaran. 13 Ikaw rin naman ay
bumaba sa bundok ng Sinai, at nagsalita ka sa kanila mula
sa langit, at binigyan mo sila ng mga matuwid na kahatulan
at mga tunay na kautusan, mga mabuting palatuntunan at
mga utos: 14 At ipinakilala mo sa kanila ang iyong banal na
sabbath, at nagutos ka sa kanila ng mga utos, at ng mga
palatuntunan, at ng kautusan, sa pamamagitan ni Moises na
iyong lingkod: 15 At nagbigay ka sa kanila ng tinapay na
mula sa langit sa kanilang pagkagutom, at nilabasan mo sila
ng tubig na mula sa malaking bato sa kanilang pagkauhaw,
at inutusan mo sila na magsipasok na ariin ang lupain na
iyong isinumpa upang ibigay sa kanila. 16 Nguni't sila at ang
aming mga magulang ay nagsigawa na may kapalaluan,
at nagpatigas ng kanilang leeg, at hindi dininig ang iyong
mga utos. 17 At nagsitanggi na magsisunod, ni hindi man
inalaala ang iyong mga kababalaghan na iyong ginawa
sa gitna nila, kundi nagpatigas ng kanilang leeg, at sa
kanilang panghihimagsik ay naghalal ng isang punong kawal
upang magsibalik sa kanilang pagkabihag. Nguni't ikaw ay
Dios na madaling magpatawad, mapagbiyaya at puspos ng
kaawaan, banayad sa pagkagalit, at sagana sa kahabagan,
at hindi mo pinabayaan sila. 18 Oo, nang sila'y magsigawa
sa kanila ng isang guyang binubo, at magsabi, Ito ay iyong
Dios na nagahon sa iyo mula sa Egipto, at sila'y nagsigawa
ng malaking pamumungkahi; 19 Gayon ma'y ikaw sa iyong
masaganang mga kaawaan ay hindi mo pinabayaan sila sa
ilang: ang tila haliging ulap ay hindi humiwalay sa kanila sa
araw, upang patnubayan sila sa daan; ni ang tila haliging
apoy man sa gabi, upang pagpakitaan sila ng liwanag at ng
daan na kanilang lalakaran. 20 Iyo rin namang ibinigay ang
iyong mabuting Espiritu upang turuan sila, at hindi mo inaalis
ang iyong mana sa kanilang bibig, at bigyan mo sila ng tubig
sa kanilang pagkauhaw. 21 Oo apat na pung taon na iyong
kinandili sila sa ilang, at hindi sila nagkulang ng anoman;
ang kanilang mga suot ay hindi naluma, at ang kanilang
mga paa ay hindi namaga. 22 Bukod dito'y binigyan mo sila
ng mga kaharian at mga bayan, na iyong binahagi ayon sa
kanilang mga bahagi: sa gayo'y kanilang inari ang lupain ng
Sehon, sa makatuwid baga'y ang lupain ng hari sa Hesbon,
at ang lupain ni Og na hari, sa Basan. 23 Ang kanila namang
mga anak ay pinarami mo na gaya ng mga bituin sa langit,
at mga ipinasok mo sila sa lupain, tungkol doon sa iyong
sinabi sa kanilang mga magulang, na sila'y magsiparoon,
upang ariin. 24 Sa gayo'y ang mga anak ay pumasok at
inari ang lupain, at iyong pinasuko sa harap nila ang mga
mananahan sa lupain, ang mga Cananeo, at ibinigay mo
sa kanilang mga kamay, pati ng kanilang mga hari, at ang
mga bayan ng lupain, upang magawa nila sa kanila kung
ano ang kanilang ibigin. 25 At sila'y nagsisakop ng mga
bayan na nakukutaan, at ng matabang lupain, at nangagari
ng mga bahay na puno ng lahat na mabubuting bagay, ng
mga balon na hinukay, ng mga ubasan, at ng mga olibohan,
at ng mga punong kahoy na may bungang sagana: na
anopa't sila'y nagsikain, at nangabusog, at naging mataba, at
nangaaliw sa iyong malaking kagandahang loob. 26 Gayon
ma'y naging manunuway sila at nanghimagsik laban sa
iyo, at tinalikdan ang iyong kautusan, at pinatay ang iyong
mga propeta na nangagpatotoo laban sa kanila na sila'y
magsipanumbalik sa iyo, at sila'y nagsigawa ng malaking
pamumungkahi. 27 Kaya't iyong ibinigay sila sa kamay ng
kanilang mga kalaban, na siyang nangagpapanglaw sa
kanila: at sa panahon ng kanilang kabagabagan, nang sila'y
magsidaing sa iyo, iyong dininig mula sa langit; at ayon sa
iyong saganang mga kaawaan ay iyong binigyan sila ng
mga tagapagligtas, na nangagligtas sa kanila sa kamay ng
kanilang mga kalaban. 28 Nguni't pagkatapos ng kanilang
kapahingahan, sila'y nagsigawa uli ng kasamaan sa harap
mo: kaya't pinabayaan mo sila sa kamay ng kanilang mga
kaaway, na anopa't mga napapanginoon sa kanila: gayon

ma'y nang sila'y magsipanumbalik, at magsidaing sa iyo,
iyong dininig mula sa langit; at madalas na iyong iniligtas
sila ayon sa iyong mga kaawaan. 29 At sumaksi ka laban
sa kanila, upang mangaibalik mo sila sa iyong kautusan.
Gayon ma'y nagsigawa sila na may kapalaluan, at hindi
dininig ang iyong mga utos, kundi nangagkasala laban sa
iyong mga kahatulan, (na kung gawin ng isang tao, siya'y
mabubuhay sa kanila, ) at iniurong ang balikat at nagpatigas
ng kanilang leeg, at hindi nangakinig. 30 Gayon ma'y tiniis
mong malaon sila, at sumaksi ka laban sa kanila ng iyong
Espiritu sa pamamagitan ng iyong mga propeta: gayon
ma'y hindi sila nangakinig: kaya't ibinigay mo sila sa kamay
ng mga bayan ng mga lupain. 31 Gayon ma'y sa iyong
masaganang mga kaawaan ay hindi mo lubos na niwakasan
sila, o pinabayaan man sila; sapagka't ikaw ay mapagbiyaya
at maawaing Dios. 32 Ngayon nga, aming Dios, na dakila,
na makapangyarihan at kakilakilabot na Dios, na nagiingat
ng tipan at kaawaan, huwag mong ariing munting bagay sa
harap mo ang hirap na dumating sa amin, sa aming mga
hari, sa aming mga prinsipe, at sa aming mga saserdote, at
sa aming mga propeta, at sa aming mga magulang, at sa
iyong buong bayan, mula sa kapanahunan ng mga hari sa
Asiria hanggang sa araw na ito. 33 Gayon ma'y banal ka sa
lahat na dumating sa amin; sapagka't gumawa kang may
pagtatapat, nguni't nagsigawa kaming may kasamaan: 34
Kahit ang aming mga hari, ang aming mga pangulo, ang
aming mga saserdote, o ang aming mga magulang man,
hindi nangagingat ng iyong kautusan, o nakinig man sa
iyong mga utos at sa iyong mga patotoo, na iyong ipinatotoo
laban sa kanila. 35 Sapagka't sila'y hindi nangaglingkod sa
iyo sa kanilang kaharian, at sa iyong dakilang kagandahang
loob na iyong ipinakita sa kanila, at sa malaki at mabungang
lupain na iyong ibinigay sa harap nila, o nagsihiwalay man
sila sa kanilang mga masamang gawa. 36 Narito, kami ay
mga alipin sa araw na ito, at tungkol sa lupain na iyong
ibinigay sa aming mga magulang upang kanin ang bunga
niyaon, at ang buti niyaon, narito, kami ay mga alipin doon.
37 At ang lupain ay nagbubunga ng marami sa ganang
mga hari na iyong inilagay sa amin dahil sa aming mga
kasalanan: sila nama'y may kapangyarihan din sa aming
mga katawan, at sa aming hayop sa ikapagsasaya nila, at
kami ay nangasa malaking kapanglawan. 38 At gayon ma'y
dahil sa lahat na ito ay tapat na nangakikipagtipan kami, at
isinusulat namin; at tinatakdaan ng aming mga prinsipe, ng
aming mga Levita, at ng aming mga saserdote.

**10** Yaon ngang nagsipagtakda ay: si Nehemias, ang
tagapamahala, na anak ni Hachalias, at si Sedecias; 2
Si Seraias, si Azarias, si Jeremias; 3 Si Pashur, si Amarias,
si Malchias; 4 Si Hattus, si Sebanias, si Malluch; 5 Si
Harim, si Meremoth, si Obadias; 6 Si Daniel, si Ginethon, si
Baruch; 7 Si Mesullam, si Abias, si Miamin; 8 Si Maazias, si
Bilgai, si Semeias: ang mga ito'y saserdote. 9 At ang mga
Levita: sa makatuwid baga'y, si Jesua na anak ni Azanias, si
Binnui, sa mga anak ni Henadad, si Cadmiel; 10 At ang
kanilang mga kapatid, si Sebanias, si Odaia, si Celita, si
Pelaias, si Hanan; 11 Si Micha, si Rehob, si Hasabias; 12 Si
Zachur, si Serebias, si Sebanias; 13 Si Odaia, si Bani, si
Beninu; 14 Ang mga puno ng bayan: si Pharos, si Pahath-
moab, si Elam, si Zattu, si Bani; 15 Si Bunni, si Azgad,
si Bebai; 16 Si Adonias, si Bigvai, si Adin; 17 Si Ater, si
Ezekias, si Azur; 18 Si Odaia, si Hasum, si Bezai; 19 Si
Ariph, si Anathoth, si Nebai; 20 Si Magpias, si Mesullam, si
Hezir; 21 Si Mesezabel, Sadoc, si Jadua; 22 Si Pelatias, si
Hanan, si Anaias; 23 Si Hoseas, si Hananias, si Asub; 24
Si Lohes, si Pilha, si Sobec; 25 Si Rehum, si Hasabna, si
Maaseias; 26 At si Ahijas, si Hanan, si Anan; 27 Si Malluch,
si Harim, si Baana. 28 At ang nalabi sa bayan, ang mga
saserdote, ang mga Levita, ang mga tagatanod-pinto, ang
mga mangaawit, ang mga Nethineo, at lahat ng nagsihiwalay
sa mga bayan ng mga lupain sa kautusan ng Dios, ang
kanilang mga asawa, ang kanilang mga anak, na lalake
at babae, bawa't may kaalaman at kaunawaan; 29 Sila'y
nagsilakip sa kanilang mga kapatid, na kanilang mga mahal
na tao, at nagsisumpa, at nagsipanumpa, na magsilakad sa
kautusan ng Dios, na nabigay sa pamamagitan ni Moises
na lingkod ng Dios, at upang magsiganap at magsigawa
ng lahat na utos ng Panginoon na aming Panginoon, at ng
kaniyang mga kahatulan, at ng kaniyang mga palatuntunan;
30 At hindi namin ibibigay ang aming mga anak na babae sa
mga bayan ng lupain, o papagaasawahin man ang kanilang
mga anak na babae para sa aming mga anak na lalake. 31
At kung ang mga bayan ng lupain ay mangagdala ng mga
kalakal o ng anomang pagkain sa araw ng sabbath upang
ipagbili, na kami ay hindi magsisibili sa kanila sa sabbath,
o sa pangiling araw: aming ipagpapahinga ang ikapitong
taon, at ang pagsingil ng bawa't utang. 32 Kami naman ay
nangagpasiya rin sa sarili namin, na makiambag sa taon-
taon ng ikatlong bahagi ng isang siklo ukol sa paglilingkod
sa bahay ng aming Dios: 33 Ukol sa tinapay na handog, at
sa palaging handog na harina, at sa palaging handog na
susunugin, sa mga sabbath, sa mga bagong buwan sa mga
takdang kapistahan, at sa mga banal na bagay at sa mga
handog dahil sa kasalanan upang itubos sa Israel, at sa
lahat na gawain sa bahay ng aming Dios, 34 At kami ay
nangagsapalaran, ang mga saserdote, ang mga Levita, at
ang bayan, dahil sa kaloob na panggatong upang dalhin sa
bahay ng aming Dios, ayon sa mga sangbahayan ng aming
mga magulang sa mga panahong takda, taon-taon, upang

sunugin sa ibabaw ng dambana ng Panginoon naming Dios,
gaya ng nasusulat sa kautusan. 35 At upang dalhin ang
mga unang bunga ng aming lupa, at ang mga unang bunga
ng lahat na bunga ng sarisaring puno ng kahoy, taon-taon,
sa bahay ng Panginoon: 36 Gayon din ang panganay sa
aming mga anak na lalake, at sa aming hayop, gaya ng
nasusulat sa kautusan, at ang mga panganay sa aming
bakahan at sa aming mga kawan, upang dalhin sa bahay ng
aming Dios, sa mga saserdote, na nagsisipangasiwa sa
bahay ng aming Dios: 37 At upang aming dalhin ang mga
unang bunga ng aming harina, at ang aming mga handog na
itataas, at ang bunga ng sarisaring punong kahoy, ang alak,
at ang langis, sa mga saserdote, sa mga silid ng bahay ng
aming Dios; at ang ikasangpung bahagi ng aming lupa sa
mga Levita; sapagka't sila, na mga Levita, ay nagsisikuha ng
mga ikasangpung bahagi sa lahat na aming mga bayan na
bukiran. 38 At ang saserdote na anak ni Aaron ay sasama
sa mga Levita, pagka ang mga Levita ay nagsisikuha ng
mga ikasangpung bahagi; at isasampa ng mga Levita ang
ikasangpung bahagi ng mga ikasangpung bahagi sa bahay
ng aming Dios, sa mga silid sa loob ng bahay ng kayamanan.
39 Sapagka't ang mga anak ni Israel, at ang mga anak ni
Levi ay mangagdadala ng mga handog na itataas, na trigo,
alak, at langis, sa mga silid, na kinaroroonan ng mga sisidlan
ng santuario, at ng mga saserdote na nagsisipangasiwa,
at ng mga tagatanod-pinto, at ng mga mangaawit: at hindi
namin pababayaan ang bahay ng aming Dios.

11 At ang mga prinsipe ng bayan ay nagsitahan
sa Jerusalem: ang nalabi naman sa bayan ay
nangagsapalaran upang mangagdala ng isa sa bawa't
sangpu na magsisitahan sa Jerusalem na bayang banal,
at siyam na bahagi sa ibang mga bayan. 2 At pinagpala
ng bayan ang lahat na lalake na nagsihandog na kusa na
magsisitahan sa Jerusalem. 3 Ang mga ito nga ang mga
pinuno sa lalawigan na nagsitahan sa Jerusalem: nguni't sa
bayan ng Juda ay tumahan bawa't isa sa kaniyang pag-aari
sa kanilang mga bayan, sa makatuwid baga'y ang Israel, ang
mga saserdote, at ang mga Levita, at ang mga Nethineo,
at ang mga anak ng mga lingkod ni Salomon. 4 At sa
Jerusalem ay nagsitahan ang ilan sa mga anak ni Juda, at
sa mga anak ni Benjamin. Sa mga anak ni Juda: si Athaias
na anak ni Uzzias, na anak ni Zacarias, na anak ni Amarias,
na anak ni Sephatias na anak ni Mahalaleel, sa mga anak ni
Phares. 5 At si Maasias na anak ni Baruch, na anak ni Col-
hoze, na anak ni Hazaias, na anak ni Adaias, na anak ni
Joiarib, na anak ni Zacarias, na anak ng Silonita. 6 Ang lahat
ng mga anak ni Phares na nagsitahan sa Jerusalem, ay apat
na raan at anim na pu't walo na mga matapang na lalake. 7
At ang mga ito ang mga anak ni Benjamin: si Salu na anak
ni Mesullam, na anak ni Joed, na anak ni Pedaias, na anak
ni Colaias, na anak ni Maaseias, na anak ni Ithiel, na anak
ni Jesaia. 8 At sumusunod sa kaniya, si Gabbai, si Sallai, na
siyam na raan at dalawang pu't walo. 9 At si Joel na anak ni
Zichri ay kanilang tagapamahala: at si Jehudas na anak
ni Senua ay ikalawa sa bayan. 10 Sa mga saserdote: si
Jedaias na anak ni Joiarib, si Jachin, 11 Si Seraias na anak
ni Hilcias, na anak ni Mesullam, na anak ni Sadoc, na anak
ni Meraioth, na anak ni Ahitub, na pinuno sa bahay ng Dios,
12 At ang kanilang mga kapatid na nagsigawa ng gawain sa
bahay, walong daan at dalawang pu't dalawa: at si Adaias na
anak ni Jeroham, na anak ni Pelalias, na anak ni Amsi, na
anak ni Zacarias, na anak ni Pashur, na anak ni Malchias,
13 At ang kaniyang mga kapatid, na mga pinuno sa mga
sangbahayan ng mga magulang, dalawang daan at apat na
pu't dalawa: at si Amasai na anak ni Azarael, na anak ni
Azai, na anak ni Mesillemoth, na anak ni Imer. 14 At ang
kanilang mga kapatid, na mga makapangyarihang lalake
na matatapang, isang daan at dalawang pu't walo: at ang
kanilang tagapamahala ay si Zabdiel na anak ni Gedolim. 15
At sa mga Levita; si Semaias na anak ni Hassub, na anak ni
Azricam, na anak ni Hasabias, na anak ni Buni; 16 At si
Sabethai at si Jozabad, sa mga pinuno ng mga Levita, na
siyang nagsipamahala sa mga gawain sa labas sa bahay ng
Dios; 17 At si Mattanias, na anak ni Micha, na anak ni Zabdi,
na anak ni Asaph, na siyang pinuno upang magpasimula na
magpasalamat sa panalangin, at si Bacbucias, sa ikalawa sa
kaniyang mga kapatid; at si Abda na anak ni Samua, na anak
ni Galal, na anak ni Jeduthun. 18 Lahat na Levita sa bayang
banal, dalawang daan at walong pu't apat. 19 Bukod dito'y
ang mga tagatanod-pinto, na si Accub, si Talmon, at ang
kanilang mga kapatid, na nangagbabantay sa mga pintuang-
bayan, ay isang daan at pitong pu't dalawa. 20 At ang nalabi
sa Israel, sa mga saserdote, sa mga Levita, ay nangasa
lahat na bayan ng Juda, bawa't isa'y sa kaniyang mana. 21
Nguni't ang mga Nethineo ay nagsitahan sa Ophel: at si Siha
at si Gispa ay nasa mga Nethineo. 22 Ang tagapamahala
naman sa mga Levita sa Jerusalem ay si Uzzi na anak ni
Bani, na anak ni Hasabias, na anak ni Mattanias, na anak ni
Micha, sa mga anak ni Asaph, na mga mangaawit, na nasa
mga gawain sa bahay ng Dios. 23 Sapagka't may utos na
mula sa hari tungkol sa kanila, at takdang pagkain na ukol
sa mga mangaawit, ayon sa kailangan sa bawa't araw. 24 At
si Pethahias na anak ni Mesezabel, sa mga anak ni Zerah,
na anak ni Juda, ay nasa kapangyarihan ng hari sa lahat ng
bagay na tungkol sa bayan. 25 At tungkol sa mga nayon,
pati ng kanilang mga bukid, ang ilan sa mga anak ni Juda ay
nagsitahan sa Chiriat-arba at sa mga nayon niyaon, at sa
Dibon at sa mga nayon niyaon, at sa Jecabzeel at sa mga

nayon niyaon; **26** At sa Jesua, at sa Moladah, at sa Beth-
pelet; **27** At sa Hasar-sual, at sa Beerseba at sa mga nayon
niyaon; **28** At sa Siclag, at sa Mechona at sa mga nayon
niyaon; **29** At sa En-rimmon, at sa Soreah, at sa Jarmuth; **30**
Sa Zanoah, sa Adullam, at sa mga nayon niyaon, sa Lachis,
at sa mga parang niyaon, sa Azeca at sa mga nayon niyaon.
Gayon sila nagsihantong mula sa Beer-seba hanggang sa
libis ni Hinnom. **31** Ang mga anak ni Benjamin naman ay
nagsitahan mula sa Geba, hanggang sa Michmas at sa Aia,
at sa Beth-el at sa mga nayon niyaon; **32** At sa Anathoth, sa
Nob, sa Ananiah; **33** Sa Hasor, sa Rama, sa Gitthaim; **34**
Sa Hadid, sa Seboim, sa Neballath; **35** Sa Lod, at sa Ono,
na libis ng mga manggagawa. **36** At sa mga Levita ay ang
ibang mga bahagi sa Juda na pumisan sa Benjamin.

**12** Ang mga ito nga ang mga saserdote at ang mga Levita
na nagsisampa na kasama ni Zorobabel na anak ni
Sealthiel, at ni Jesua: si Seraias, si Jeremias, si Ezra; **2** Si
Amarias; si Malluch, si Hartus; **3** Si Sechanias, si Rehum, si
Meremoth; **4** Si Iddo, si Ginetho, si Abias; **5** Si Miamin, si
Maadias, si Bilga; **6** Si Semaias, at si Joiarib, si Jedaias; **7**
Si Sallum, si Amoc, si Hilcias, si Jedaias. Ang mga ito'y ang
mga pinuno sa mga saserdote at sa kanilang mga kapatid
sa mga kaarawan ni Jesua. **8** Bukod dito'y ang mga Levita:
si Jesua, si Binnui, si Cadmiel, si Serebias, si Juda, at si
Mathanias, na namamahala sa pagpapasalamat, siya at ang
kaniyang mga kapatid. **9** Si Bacbucias, naman at si Unni, na
kanilang mga kapatid, ay nagkakaharapan sa kanikaniyang
pulutong. **10** At naging anak ni Jesua si Joiacim, at naging
anak ni Joiacim si Eliasib, at naging anak ni Eliasib, si Joiada,
**11** At naging anak ni Joiada si Jonathan at naging anak ni
Jonathan si Jaddua. **12** At sa mga kaarawan ni Joiacim,
ay mga saserdote, na mga pangulo ng mga sangbahayan
ng mga magulang: kay Seraias, si Meraias; kay Jeremias,
si Hananias; **13** Kay Ezra, si Mesullam; kay Amarias, si
Johanan; **14** Kay Melicha si Jonathan; kay Sebanias, si
Joseph; **15** Kay Harim, si Adna; kay Meraioth, si Helcai;
**16** Kay Iddo, si Zacarias; kay Ginnethon, si Mesullam; **17**
Kay Abias, si Zichri; kay Miniamin, kay Moadias, si Piltai; **18**
Kay Bilga, si Sammua; kay Semaias, si Jonathan; **19** At kay
Joiarib, si Mathenai; kay Jedaias, si Uzzi; **20** Kay Sallai,
si Callai; kay Amoc, si Eber; **21** Kay Hilcias, si Hasabias;
kay Jedaias, si Nathanael. **22** Ang mga Levita sa mga
kaarawan ni Eliasib, ni Joiada, at ni Johanan, at ni Jaddua,
ay nangasulat sa mga pangulo ng mga sangbahayan ng
mga magulang: gayon din ang mga saserdote sa paghahari
ni Dario na taga Persia. **23** Ang mga anak ni Levi, na
mga pangulo ng mga sangbahayan ng mga magulang,
ay nangasulat sa aklat ng mga alaala, hanggang sa mga
kaarawan ni Johanan na anak ni Eliasib. **24** At ang mga
pinuno ng mga Levita: si Hasabias, si Serabias, si Jesua na
anak ni Cadmiel, na may mga kapatid na nangasa tapat nila
upang magsipuri at nangagpasalamat, ayon sa utos ni David
na lalake ng Dios, sa pulutong at pulutong. **25** Si Mathanias,
at si Bucbucias, si Obadias, si Mesullam, si Talmon, si
Accub, ay mga tagatanod-pinto, na nangagbabantay sa mga
kamalig ng mga pintuang-bayan. **26** Ang mga ito'y sa mga
kaarawan ni Joiacim, na anak ni Jesua, na anak ni Josadac,
at sa mga kaarawan ni Nehemias na tagapamahala, at ng
saserdoteng Ezra na kalihim. **27** At sa pagtatalaga ng kuta
ng Jerusalem ay kanilang hinanap ang mga Levita mula sa
lahat nilang dako upang dalhin nila sila sa Jerusalem, na
ipagdiwang ang pagtatalaga na may kasayahan, na may
mga pagpapasalamat, at may mga awitan din may mga
cimbalo, mga salterio, at may mga alpa. **28** At ang mga
anak ng mga mangaawit ay nagpipisan mula sa kapatagan
ng palibot ng Jerusalem, at mula sa mga nayon ng mga
Netophatita; **29** Mula rin naman sa Beth-gilgal, at mula sa
mga parang ng Geba at ng Azmaveth: sapagka't nangagtayo
sa ganang kanila ang mga mangaawit ng mga nayon sa
palibot ng Jerusalem. **30** At ang mga saserdote at ang mga
Levita ay nangagpakalinis; at kanilang nilinis ang bayan, at
ang mga pintuang-bayan, at ang kuta. **31** Nang magkagayo'y
isinampa ko ang mga prinsipe sa Juda sa ibabaw ng
kuta, at akin silang pinapagdalawang malaking pulutong na
nangagpasalamat at nagsiyaong sunodsunod; na ang isa'y
lumalakad sa kanan sa ibabaw ng kuta sa dako ng pintuang-
bayan ng tapunan ng dumi; **32** At sumusunod sa kanila si
Osaias, at ang kalahati sa mga prinsipe sa Juda, **33** At si
Azarias, si Ezra, at si Mesullam, **34** Si Juda, at si Benjamin,
at si Semaias, at si Jeremias, **35** At ang iba sa mga anak ng
mga saserdote na may mga pakakak: si Zacarias na anak ni
Jonathan, na anak ni Semaias, na anak ni Mathanias, na
anak ni Micaya, na anak ni Zacur, na anak ni Asaph; **36** At
ang kaniyang mga kapatid, na si Semaias, at si Azarel, si
Milalai, si Gilalai, si Maai, si Nathanael, at si Juda, si Hanani,
na may mga panugtog ng tugtugin ni David na lalake ng
Dios; at si Ezra na kalihim ay nasa unahan nila: **37** At sa tabi
ng pintuang-bayan ng bukal, at nagtuwid sila sa harapan nila,
na sila'y nagsisampa sa mga baytang ng bayan ni David sa
sampahan sa kuta, sa ibabaw ng bahay ni David, hanggang
sa pintuang-bayan ng tubig sa dakong silanganan. **38** At
ang isang pulutong nila na nagpapasalamat ay yumaong
sinalubong sila, at ako'y sa hulihan nila, na kasama ko ang
kalahati ng bayan sa ibabaw ng kuta, sa itaas ng moog ng
mga hurno, hanggang sa maluwang na kuta; **39** At sa ibabaw
ng pintuang-bayan ng Ephraim, at sa matandang pintuang-
bayan at sa pintuang-bayan ng mga isda, at sa moog ng
Hananel, at sa moog ng Meah, hanggang sa pintuang-bayan

ng mga tupa: at sila'y nagsitayong nangakatigil sa pintuang-
bayan ng bantay. 40 Sa gayo'y nagsitayo ang dalawang
pulutong nila na nangagpasalamat sa bahay ng Dios, at
ako, at ang kalahati sa mga pinuno na kasama ko. 41 At
ang mga saserdote, si Eliacim, si Maaseias, si Miniamin,
si Michaias, si Elioenai, si Zacarias, at si Hananias, na
may mga pakakak; 42 At si Maaseias, at si Semeias, at si
Eleazar, at si Uzzi, at si Johanan, at si Malchias, at si Elam,
at si Ezer. At ang mga mangaawit ay nagsiawit ng malakas,
na kasama si Jezrahias, na tagapamahala sa kanila. 43 At
sila'y nangaghandog ng malalaking hain ng araw na yaon,
at nangagalak; sapagka't sila'y pinapagkatuwa ng Dios ng
di kawasa; at ang mga babae naman at ang mga bata ay
nangagalak: na anopa't ang kagalakan ng Jerusalem ay
narinig hanggang sa malayo. 44 At nang araw na yaon
ay nahalal ang ilan sa mga lalake sa mga silid na ukol
sa mga kayamanan, sa mga handog na itataas, sa mga
unang bunga, at sa mga ikasangpung bahagi, upang pisanin
sa mga yaon, ayon sa mga bukid ng mga bayan, na mga
bahaging takda ng kautusan sa mga saserdote at mga
Levita: sapagka't kinagagalakan ng Juda ang mga saserdote
at mga Levita na nagsitayo. 45 At sila'y nangagingat ng
tungkulin sa kanilang Dios, at ng tungkulin sa paglilinis, at
gayong ginawa ng mga mangaawit at mga tagatanod-pinto,
ayon sa utos ni David, at ni Salomon sa kaniyang anak. 46
Sapagka't sa mga kaarawan ni David at ni Asaph ng una
ay may pinuno sa mga mangaawit, at mga awit na pagpuri
at pasasalamat sa Dios. 47 At ang buong Israel sa mga
kaarawan ni Zorobabel, at sa mga kaarawan ni Nehemias,
ay nangagbigay ng mga bahagi ng mga mangaawit, at
mga tagatanod-pinto, ayon sa kailangan sa bawa't araw: at
kanilang itinalaga sa mga Levita; at itinalaga ng mga Levita
sa mga anak ni Aaron.

**13** Nang araw na yaon ay bumasa sila sa aklat ni
Moises sa pakinig ng bayan; at doo'y nasumpungang
nakasulat, na ang Ammonita at Moabita, ay huwag papasok
sa kapulungan ng Dios magpakailan man. 2 Sapagka't
hindi nila sinalubong ang mga anak ni Israel ng tinapay
at ng tubig, kundi inupahan si Balaam laban sa kanila,
upang sumpain sila: gayon ma'y pinapaging pagpapala
ng aming Dios ang sumpa. 3 At nangyari, nang kanilang
marinig ang kautusan, na inihiwalay nila sa Israel ang buong
karamihang halohalo. 4 Bago nga nangyari ito, si Eliasib
na saserdote, na nahalal sa mga silid ng bahay ng aming
Dios, palibhasa'y nakipisan kay Tobias. 5 Ay ipinaghanda
siya ng isang malaking silid, na kinasisidlan noong una ng
mga handog na harina, ng mga kamangyan, at ng mga
sisidlan, at ng mga ikasangpung bahagi ng trigo, ng alak,
at ng langis, na nabigay sa pamamagitan ng utos sa mga
Levita, at sa mga mangaawit, at sa mga tagatanod-pinto; at
ang mga handog na itataas na ukol sa mga saserdote. 6
Nguni't sa buong panahong ito ay wala ako sa Jerusalem:
sapagka't sa ikatatlong pu't dalawang taon ni Artajerjes na
hari sa Babilonia ay naparoon ako sa hari, at pagkatapos ng
ilang araw ay nagpaalam ako sa hari: 7 At ako'y naparoon
sa Jerusalem, at naalaman ko ang kasamaang ginawa
ni Eliasib tungkol kay Tobias, sa paghahanda niya sa
kaniya ng isang silid sa mga looban ng bahay ng Dios. 8
At ikinamanglaw kong mainam: kaya't aking inihagis ang
lahat na kasangkapan ni Tobias sa labas ng silid. 9 Nang
magkagayo'y nagutos ako, at nilinis nila ang mga silid; at
dinala ko uli roon ang mga sisidlan ng bahay ng Dios pati ng
mga handog na harina at ng kamangyan. 10 At nahalata ko
na ang mga bahagi ng mga Levita ay hindi nangabigay sa
kanila; na anopa't ang mga Levita, at ang mga mangaawit
na nagsisigawa ng gawain, ay nangagsitakas bawa't isa sa
kanikaniyang bukid. 11 Nang magkagayo'y nakipagtalo ako
sa mga pinuno, at sinabi ko, Bakit pinabayaan ang bahay ng
Dios? At pinisan ko sila, at inilagay sa kanilang kalagayan. 12
Nang magkagayo'y dinala ng buong Juda ang ikasangpung
bahagi ng trigo at ng alak at ng langis sa mga ingatang-
yaman. 13 At ginawa kong mga tagaingat-yaman sa mga
ingatang-yaman, si Selemias na saserdote, at si Sadoc na
kalihim, at sa mga Levita, si Pedaias: at kasunod nila ay si
Hanan na anak ni Zaccur, na anak ni Mathanias: sapagka't
sila'y nangabilang na tapat, at ang kanilang mga katungkulan
ay magbahagi sa kanilang mga kapatid. 14 Alalahanin mo
ako, Oh aking Dios, tungkol dito, at huwag mong pawiin ang
aking mga mabuting gawa na aking ginawa sa ikabubuti
ng bahay ng aking Dios, at sa pagganap ng kaugaliang
paglilingkod doon. 15 Nang mga araw na yaon ay nakita ko
sa Juda ang ilang nagpipisa sa mga ubasan sa sabbath, at
nagdadala ng mga uhay, at nangasasakay sa mga asno;
gaya naman ng alak, mga ubas, at mga higos, at lahat na
sarisaring pasan, na kanilang ipinapasok sa Jerusalem sa
araw ng sabbath: at ako'y nagpatotoo laban sa kanila sa
kaarawan na kanilang ipinagbibili ang mga pagkain. 16 Doo'y
nagsisitahan naman ang mga taga Tiro, na nangagpapasok
ng isda, at ng sarisaring kalakal, at nangagbibili sa sabbath
sa mga anak ni Juda, at sa Jerusalem. 17 Nang magkagayo'y
nakipagtalo ako sa mga mahal na tao sa Juda, at sinabi ko
sa kanila, Anong masamang bagay itong inyong ginagawa,
at inyong nilalapastangan ang araw ng sabbath? 18 Hindi ba
nagsigawa ng ganito ang inyong mga magulang, at hindi ba
dinala ng ating Dios ang buong kasamaang ito sa atin, at
sa bayang ito? gayon ma'y nangagdala pa kayo ng higit
na pag-iinit sa Israel, sa paglapastangan ng sabbath. 19
At nangyari, na nang ang pintuang-bayan ng Jerusalem

ay magpasimulang magdilim bago dumating ang sabbath,
aking iniutos na ang mga pintuan ay sarhan, at iniutos
ko na huwag nilang buksan hanggang sa makaraan ang
sabbath: at ang ilan sa aking mga lingkod ay inilagay ko sa
mga pintuang-bayan, upang walang maipasok na pasan sa
araw ng sabbath. **20** Sa gayo'y ang mga mangangalakal at
manininda ng sarisaring kalakal, ay nangatigil sa labas ng
Jerusalem na minsan o makalawa. **21** Nang magkagayo'y
nagpatotoo ako laban sa kanila, at nagsabi sa kanila, Bakit
nagsisitigil kayo sa may kuta? kung kayo'y magsigawa uli ng
ganiyan, aking pagbubuhatan ng kamay kayo. Mula nang
panahong yaon ay hindi na sila naparoon pa ng sabbath. **22**
At ako'y nagutos sa mga Levita na sila'y mangagpakalinis,
at sila'y magsiparoon, at ingatan ang mga pintuang-bayan,
upang ipangilin ang araw ng sabbath. Alalahanin mo ako,
Oh aking Dios, dito man, at kahabagan mo ako ayon sa
kalakhan ng iyong kaawaan. **23** Nang mga araw namang
yaon ay nakita ko ang mga Judio na nangagaasawa sa
mga babae ng Asdod, ng Ammon, at ng Moab: **24** At ang
kanilang mga anak ay nagsasalita ng kalahati sa wikang
Asdod, at hindi makapagsalita ng wikang Judio, kundi ayon
sa wika ng bawa't bayan. **25** At ako'y nakipagtalo sa kanila,
at sinumpa ko sila, at sinaktan ko ang iba sa kanila, at
sinabunutan ko sila, at pinasumpa ko sila sa pamamagitan
ng Dios, na sinasabi ko, Kayo'y huwag mangagbibigay ng
inyong mga anak na babae na maging asawa sa kanilang
mga anak na lalake, ni magsisikuha man ng kanilang mga
anak na babae sa ganang inyong mga anak na lalake, o sa
inyong sarili. **26** Hindi ba nagkasala si Salomon na hari sa
Israel sa pamamagitan ng mga bagay na ito? gayon man sa
gitna ng maraming bansa ay walang haring gaya niya; at
siya'y minahal ng kaniyang Dios, at ginawa siyang hari ng
Dios sa buong Israel: gayon ma'y pinapagkasala rin siya ng
mga babaing taga ibang lupa. **27** Didinggin nga ba namin
kayo na inyong gawin ang lahat na malaking kasamaang
ito, na sumalangsang laban sa ating Dios sa pagaasawa
sa mga babaing taga ibang lupa? **28** At isa sa mga anak
ni Joiada, na anak ni Eliasib na dakilang saserdote, ay
manugang ni Sanballat na Horonita: kaya't aking pinalayas
siya sa akin. **29** Alalahanin mo sila, Oh Dios ko, sapagka't
kanilang dinumhan ang pagkasaserdote, at ang tipan ng
pagkasaserdote at ng sa mga Levita. **30** Ganito ko nilinis
sila sa lahat ng taga ibang lupa, at tinakdaan ko ng mga
katungkulan ang mga saserdote at ang mga Levita, na
bawa't isa'y sa kaniyang gawain; **31** At tungkol sa kaloob na
panggatong, sa mga takdang panahon, at tungkol sa mga
unang bunga. Alalahanin mo ako, Oh Dios ko, sa ikabubuti.

# Ester

1 Nangyari nga, sa mga kaarawan ni Assuero, (ito ang
Assuero na naghari, mula sa India hanggang sa Etiopia,
sa isang daan at dalawang pu't pitong lalawigan: ) 2 Na sa
mga kaarawang yaon, nang maupo ang haring Assuero sa
luklukan ng kaniyang kaharian, na nasa Susan na bahay-hari,
3 Sa ikatlong taon ng kaniyang paghahari, siya'y gumawa
ng isang kapistahan sa kaniyang lahat na mga prinsipe, at
mga lingkod niya; ang kapangyarihan ng Persia at Media,
ang mga mahal na tao at mga prinsipe, ng mga lalawigan
ay nangasa harap nga niya: 4 Nang kaniyang ipakita ang
mga kayamanan ng kaniyang maluwalhating kaharian at
ang karangalan ng kaniyang marilag na kamahalan na
malaong araw, na isang daan at walong pung araw. 5 At
nang maganap ang mga kaarawang ito, ang hari ay nagdaos
ng isang kapistahan sa buong bayan na nangasa Susan na
bahay-hari sa mataas at gayon din sa mababa, na pitong
araw, sa looban ng halamanan ng bahay ng hari; 6 Na may
tabing na kayong puti, verde, at bughaw, na naiipit ng mga
panaling mainam na lino at ng kulay ube sa mga singsing na
pilak at mga haliging marmol: na ang mga hiligan ay ginto
at pilak, sa isang lapag na mapula, at maputi, at madilaw,
at maitim na marmol. 7 At sila'y nangagbigay sa kanila ng
inumin sa mga sisidlang ginto, (na ang mga sisidlan ay
magkakaiba, ) at saganang alak hari, ayon sa kasaganaan
ng hari. 8 At ang paginom ay ayon sa kautusan; walang
pagpilit: sapagka't gayon ibinilin ng hari sa lahat na pinuno
ng kaniyang bahay, na kanilang gawin ayon sa kalooban
ng bawa't isa. 9 Si Vasthi na reina naman ay nagdaos ng
kapistahan sa mga babae sa bahay-hari na ukol sa haring
Assuero. 10 Nang ikapitong araw, nang masayahan ang
puso ng hari sa pamamagitan ng alak, kaniyang iniutos
kay Mehuman, kay Biztha, kay Harbona, kay Bigtha, at kay
Abagtha, kay Zetar, at kay Carcas, na pitong kamarero na
nangaglilingkod sa harapan ng haring Assuero. 11 Na dalhin
si Vasthi na reina na may putong pagkareina sa harap ng hari,
upang ipakita sa mga tao at sa mga prinsipe ang kaniyang
kagandahan: sapagka't siya'y may magandang anyo. 12
Nguni't ang reinang si Vasthi ay tumanggi na pumaroon sa
utos ng hari sa pamamagitan ng mga kamarero: kaya't ang
hari ay lubhang naginit, at ang kaniyang galit ay nagalab
sa kaniya. 13 Nang magkagayo'y sinabi ng hari sa mga
pantas na nakakaalam ng mga panahon (sapagka't gayon
ang paraan ng hari sa lahat na nakakaalam ng kautusan
at ng kahatulan. 14 At ang sumusunod sa kaniya ay si
Carsena, si Sethar, si Admatha, si Tharsis, si Meres, si
Marsena, at si Memucan, na pitong prinsipe sa Persia at
Media, na nangakakita ng mukha ng hari, at nangaupong
una sa kaharian, 15 Anong ating gagawin sa reinang si Vasthi
ayon sa kautusan, sapagka't hindi niya sinunod ang bilin ng
haring Assuero sa pamamagitan ng mga kamarero? 16 At si
Memucan ay sumagot sa harap ng hari at ng mga prinsipe:
Ang reinang si Vasthi ay hindi lamang sa hari nagkasala,
kundi pati sa lahat na prinsipe, at sa lahat ng mga bayan na
nangasa lahat na lalawigan ng haring Assuero. 17 Sapagka't
ang gawang ito ng reina ay kakalat sa lahat ng babae, upang
hamakin ang kanilang mga asawa sa harap ng kanilang mga
mata, pagka nabalitaan: Ang haring Assuero ay nagpautos
kay Vasthi na reina, na dalhin sa harap niya, nguni't hindi
siya naparoon. 18 At sa araw na ito ay lahat na asawa
ng mga prinsipe sa Persia at Media, na nangakabalita ng
gawang ito ng reina ay mangagsasabi ng gayon sa lahat na
prinsipe ng hari. Na anopa't kasasanghian ng maraming
pagkahamak at pagkapoot. 19 Kung kalulugdan ng hari,
maglabas ng utos hari sa ganang hari, at isulat sa mga
kautusan ng mga taga Persia at mga Medo, upang huwag
mabago, na si Vasthi ay huwag nang pumaroon sa harap ng
haring Assuero; at ibigay ng hari ang kaniyang kalagayang
reina sa iba na maigi kay sa kaniya. 20 At pagka ang
pasiya ng hari na kaniyang isasagawa ay mahahayag sa
lahat niyang kaharian, (sapagka't dakila, ) lahat ng babae
ay mangagbibigay sa kanilang mga asawa ng karangalan,
sa mataas at gayon din sa mababa. 21 At ang sabi ay
nakalugod sa hari at sa mga prinsipe; at ginawa ng hari ang
ayon sa salita ni Memucan: 22 Sapagka't siya'y nagpadala
ng mga sulat sa lahat ng mga lalawigan ng hari, sa bawa't
lalawigan, ayon sa sulat noon, at sa bawa't bayan ayon
sa kanilang wika, na ang bawa't lalake ay magpupuno sa
kaniyang sariling bahay at mahahayag ayon sa wika ng
kaniyang bayan.

2 Pagkatapos ng mga bagay na ito, nang mapayapa ang
pagiinit ng haring Assuero kaniyang inalaala si Vasthi, at
kung ano ang kaniyang ginawa, at kung ano ang ipinasiya
laban sa kaniya. 2 Nang magkagayo'y sinabi ng mga
lingkod ng hari na nagsisipaglingkod sa kaniya: Ihanap ng
magagandang batang dalaga ang hari: 3 At maghalal ang
hari ng mga pinuno sa lahat ng mga lalawigan ng kaniyang
kaharian, upang kanilang mapisan ang lahat na magandang
batang dalaga sa Susan na bahay-hari, sa bahay ng mga
babae, sa pamamahala ni Hegai, na kamarero ng hari, na
tagapagingat ng mga babae; at ibigay sa kanila ang kanilang
mga bagay na kailangan sa paglilinis: 4 At ang dalaga na
kalugdan ng hari ay maging reina na kahalili ni Vasthi. At
ang bagay ay nakalugod sa hari; at ginawa niyang gayon. 5
May isang Judio sa Susan na bahay-hari, na ang pangala'y
Mardocheo, na anak ni Jair, na anak ni Simi, na anak ni Cis
na Benjamita; 6 Na nadala mula sa Jerusalem na kasama

ng mga bihag na nangadalang kasama ni Jechonias na hari
sa Juda, na dinala ni Nabucodonosor na hari sa Babilonia. 7
At pinalaki niya si Hadasa, sa makatuwid baga'y si Esther,
na anak na babae ng kaniyang amain: sapagka't siya'y wala
kahit ama o ina man, at ang dalaga ay maganda at may
mabuting anyo; at nang mamatay ang kaniyang ama't ina
inari siya ni Mardocheo na parang tunay na anak. 8 Sa
gayo'y nangyari nang mabalitaan ang utos ng hari at ang
kaniyang pasiya, at nang napipisan ang maraming dalaga sa
Susan na bahay-hari, sa pamamahala ni Hegai, na si Esther
ay dinala sa bahay ng hari, sa pamamahala ni Hegai, na
tagapagingat sa mga babae. 9 At ang dalaga ay nakalugod
sa kaniya, at nilingap niya; at nagbigay siyang madali sa
kaniya ng mga bagay na ukol sa paglilinis, pati ng mga
bahagi niya, at ng pitong dalaga na marapat na ibigay sa
kaniya, na mula sa bahay ng hari: at inilipat niya siya at ang
kaniyang mga dalaga sa pinaka mabuting dako ng bahay
ng mga babae. 10 Hindi ipinakilala ni Esther ang kaniyang
bayan o ang kaniyang kamaganakan man; sapagka't ibinilin
sa kaniya ni Mardocheo na huwag niyang ipakilala. 11 At
si Mardocheo ay lumakad araw-araw sa harap ng looban
ng bahay ng mga babae, upang maalaman kung anong
ginagawa ni Esther, at kung ano ang mangyayari sa kaniya.
12 Nang sumapit nga ang paghahalihalili ng bawa't dalaga
na pasukin ang haring Assuero, pagkatapos na magawa
sa kaniya ang ayon sa kautusan sa mga babae, na labing
dalawang buwan, (sapagka't ganito nagaganap ang mga
araw ng kanilang paglilinis, sa makatuwid baga'y anim na
buwan na ma'y langis na mirra, at anim na buwan na may
mainam na pabango, at ng mga bagay na ukol sa paglilinis
ng mga babae.) 13 Sa ganito ngang paraan naparoroon ang
dalaga sa hari: Na anomang kaniyang nasain ay ibinibigay
sa kaniya upang yumaong kasama niya na mula sa bahay ng
mga babae hanggang sa bahay ng hari. 14 Sa kinahapunan
ay naparoroon siya, at sa kinaumagahan ay bumabalik siya
sa ikalawang bahay ng mga babae, sa pamamahala ni
Saasgaz, na kamarero ng hari, na nagiingat sa mga babae;
hindi na niya pinapasok ang hari malibang ang hari ay
malugod sa kaniya, at siya'y tawagin sa pangalan. 15 Nang
sumapit ang paghalili nga ni Esther, na anak ni Abihail, na
amain ni Mardocheo, na umaring anak kay Esther, upang
pasukin ang hari, wala siyang tinamong anoman, kundi ang
ibinigay ni Hegai na kamarero ng hari, na tagapagingat sa
mga babae. At si Esther ay nilingap ng lahat na nakakita sa
kaniya. 16 Sa gayo'y dinala si Esther sa haring Assuero sa
loob ng kaniyang bahay-hari, nang ikasangpung buwan na
siyang buwan ng Tebeth nang ikapitong taon ng kaniyang
paghahari. 17 At sininta ng hari si Esther ng higit kay sa
lahat na babae, at siya'y nilingap at minahal na higit kay sa
lahat na dalaga; na anopa't kaniyang ipinutong ang putong
na pagkareina sa kaniyang ulo, at ginawa siyang reina na
kahalili ni Vasthi. 18 Nang magkagayo'y gumawa ang hari
ng malaking kapistahan sa kaniyang lahat na prinsipe at
kaniyang mga lingkod, sa makatuwid baga'y kapistahan
ni Esther; at siya'y gumawa ng pagpapatawad ng sala
sa mga lalawigan, at nagbigay ng mga kaloob, ayon sa
kalooban ng hari. 19 At nang mapisan na ikalawa ang
mga dalaga, naupo nga si Mardocheo sa pintuang-daan
ng hari. 20 Hindi pa ipinakikilala ni Esther ang kaniyang
kamaganakan o ang kaniyang bayan man; gaya ng ibinilin
sa kaniya ni Mardocheo: sapagka't ginawa ni Esther ang
utos ni Mardocheo, na gaya ng siya'y palakihing kasama
niya. 21 Sa mga araw na yaon, samantalang nauupo si
Mardocheo sa pintuang-daan ng hari, dalawa sa kamarero
ng hari, si Bigthan at si Teres, sa nangagiingat ng pintuan,
ay nangapoot at nangagaakalang buhatan ng kamay ang
haring Assuero. 22 At ang bagay ay naalaman ni Mardocheo
na siyang nagturo kay Esther na reina: at sinaysay ni Esther
sa hari, sa pangalan ni Mardocheo. 23 At nang siyasatin ang
bagay at masumpungang gayon, sila'y kapuwa binigti sa
punong kahoy: at nasulat sa aklat ng mga alaala sa harap
ng hari.

3 Pagkatapos ng mga bagay na ito ay dinakila ng haring
Assuero si Aman na anak ni Amedatha na Agageo, at
pinataas siya, at inilagay ang kaniyang upuan na mataas
kay sa lahat na prinsipe na kasama niya. 2 At lahat
ng mga lingkod ng hari na nangasa pintuang-daan ng
hari, ay nagsiyukod at nagsigalang kay Aman; sapagka't
iniutos na gayon ng hari tungkol sa kaniya. Nguni't si
Mardocheo ay hindi yumukod, o gumalang man sa kaniya.
3 Nang magkagayo'y sinabi ng mga lingkod ng hari na
nangasa pintuang-daan ng hari kay Mardocheo: Bakit mo
sinasalangsang ang utos ng hari? 4 Nangyari nga, nang sila'y
mangagsalita araw-araw sa kaniya, at hindi niya dinggin
sila, na kanilang sinaysay kay Aman, upang makita kung
mangyayari ang bagay ni Mardocheo: sapagka't sinaysay
niya sa kanila na siya'y Judio. 5 At nang makita ni Aman
na si Mardocheo ay hindi yumuyukod, o gumagalang man
sa kaniya, napuspos nga ng pagkapoot si Aman. 6 Nguni't
inakala niyang walang kabuluhan na pagbuhatan ng kamay
si Mardocheo na magisa; sapagka't ipinakilala nila sa kaniya
ang bayan ni Mardocheo: kaya't inisip ni Aman na lipulin
ang lahat na Judio na nangasa buong kaharian ni Assuero,
sa makatuwid baga'y ang bayan ni Mardocheo. 7 Nang
unang buwan, na siyang buwan ng Nisan, nang ikalabing
dalawang taon ng haring Assuero, kanilang pinagsapalaran
nga ang Pur sa harap ni Aman sa araw-araw, at sa buwan-
buwan, hanggang sa ikalabing dalawang buwan, na siyang

buwan ng Adar. 8 At sinabi ni Aman sa haring Assuero,
May isang bayang nakakalat at nakasabog sa gitna ng mga
bayan sa lahat ng mga lalawigan ng iyong kaharian at ang
kanilang kautusan ay kaiba sa bawa't bayan; na hindi man
lamang iniingatan nila ang mga kautusan ng hari; kaya't
hindi mapakinabang sa hari na sila'y tiisin. 9 Kung kalugdan
ng hari, masulat na sila'y lipulin: at ako'y magbabayad ng
sangpung libong talentong pilak sa mga kamay niyaong mga
may katungkulan sa mga gawain ng hari, upang dalhin sa
mga ingatang-yaman ng hari. 10 Nang magkagayo'y hinubad
ng hari ang kaniyang singsing sa kaniyang kamay, at ibinigay
kay Aman na anak ni Amedatha na Agageo, na kaaway
ng mga Judio. 11 At sinabi ng hari kay Aman, Ang pilak ay
nabigay sa iyo at gayon din ang bayan upang gawin mo sa
mga yaon kung ano ang inaakala mong mabuti. 12 Nang
magkagayo'y tinawag ang mga kalihim ng hari sa unang
buwan, nang ikalabing tatlong araw niyaon; at nangasulat
ayon sa lahat na iniutos ni Aman sa mga satrapa ng hari, at
sa mga tagapamahala na nangasa bawa't lalawigan, at sa
mga prinsipe ng bawa't bayan, sa bawa't lalawigan ayon sa
sulat niyaon, at sa bawa't bayan ayon sa kanilang wika; sa
pangalan ng haring Assuero nasulat, at tinatakan ng singsing
ng hari. 13 At nagpadala ng mga sulat sa pamamagitan
ng mga sugo sa lahat ng mga lalawigan ng hari, upang
ipahamak, upang patayin, at upang lipulin ang lahat na
Judio, ang bata at gayon din ang matanda, ang mga bata at
ang mga babae sa isang araw, sa makatuwid baga'y sa
ikalabing tatlong araw ng ikalabing dalawang buwan, na
siyang buwan ng Adar, at upang kumuha ng samsam sa
kanila na pinakahuli. 14 Isang salin ng sulat ay ibigay sa
bawa't lalawigan upang ang pasiya ay mahayag sa lahat na
bayan, na sila'y magsihanda sa araw na yaon. 15 Ang mga
sugo ay nagsilabas na madalian sa utos ng hari, at ang
pasiya ay natanyag sa Susan na bahay-hari. At ang hari at
si Aman ay naupo upang uminom; nguni't ang bayan ng
Susan ay natitigilan.

4 Nang maalaman nga ni Mardocheo ang lahat na nagawa,
hinapak ni Mardocheo ang kaniyang suot, at nanamit
ng kayong magaspang na may mga abo, at lumabas sa
gitna ng bayan, at humiyaw ng malakas at kalagimlagim na
hiyaw: 2 At siya'y naparoon hanggang sa harap ng pintuang-
daan ng hari: sapagka't walang makapapasok sa loob ng
pintuang-daan ng hari na nakapanamit ng magaspang na
kayo. 3 At sa bawa't lalawigan, na kinararatingan ng utos ng
hari at ng kaniyang pasiya, ay nagkaroon ng malakas na
panangisan sa gitna ng mga Judio, at ng pagaayuno, at
ng iyakan at ng taghuyan; at marami ay nagsipanamit ng
kayong magaspang at mga abo. 4 At ang mga dalaga ni
Esther at ang kaniyang mga kamarero ay nagsiparoon, at
isinaysay sa kaniya; at ang reina ay namanglaw na mainam:
at siya'y nagpadala ng bihisan upang isuot ni Mardocheo, at
upang hubarin ang kaniyang kayong magaspang: nguni't
hindi niya tinanggap. 5 Nang magkagayo'y tinawag ni Esther
si Atach, na isa sa mga kamarero ng hari, na siya niyang
inihalal na magingat sa kaniya, at binilinan niyang pumaroon
kay Mardocheo, upang maalaman kung ano yaon, at kung
bakit gayon. 6 Sa gayo'y nilabas nga ni Atach si Mardocheo,
sa luwal na dako ng bayan, na nasa harap ng pintuang-daan
ng hari. 7 At isinaysay sa kaniya ni Mardocheo ang lahat na
nangyari sa kaniya, at ang lubos na kabilangan ng salapi na
ipinangako ni Aman na ibayad sa mga ingatang-yaman ng
hari hinggil sa mga Judio, upang lipulin sila. 8 Binigyan din
niya siya ng salin ng pasiya na natanyag sa Susan upang
lipulin sila, upang ipakilala kay Esther, at ipahayag sa kaniya:
at upang ibilin sa kaniya na siya'y paroon sa hari upang
mamanhik sa kaniya, at upang hingin sa kaniya, dahil sa
kaniyang bayan. 9 At si Atach ay naparoon, at isinaysay kay
Esther ang mga salita ni Mardocheo. 10 Nang magkagayo'y
nagsalita si Esther kay Atach, at nagpasabi kay Mardocheo,
na sinasabi, 11 Lahat ng lingkod ng hari at ang bayan ng
mga lalawigan ng hari ay nangakakaalam, na sinoman,
maging lalake o babae, na paroroon sa hari sa pinakaloob
na looban, na hindi tinatawag, may isang kautusan sa
kaniya, na siya'y patayin, liban yaong paglawitan ng hari
ng gintong cetro, upang siya'y mabuhay: nguni't hindi ako
tinawag na paroon sa hari ng tatlong pung araw na ito. 12 At
isinaysay nila kay Mardocheo ang mga salita ni Esther. 13
Nang magkagayo'y pinapagbalik ng sagot sila ni Mardocheo
kay Esther: Huwag mong isipin sa iyong sarili na ikaw ay
makatatanan sa bahay ng hari, ng higit kay sa lahat na
mga Judio. 14 Sapagka't kung ikaw ay lubos na tumahimik
sa panahong ito, ay magtataglay nga ng katiwasayan at
kaligtasan ang mga Judio sa ibang dako, nguni't ikaw at
ang sangbahayan ng iyong magulang ay mapapahamak: at
sinong nakakaalam na kung kaya ka pinasapit sa kaharian
ay dahil sa bagay na ito? 15 Nang magkagayo'y nagpabalik
ng sagot si Esther kay Mardocheo: 16 Ikaw ay yumaon,
pisanin mo ang lahat na Judio, na nangakaharap sa Susan,
at ipagayuno ninyo ako, at huwag kayong magsikain o
magsiinom man na tatlong araw, gabi o araw; ako naman at
ang aking mga dalaga ay mangagaayuno ng gayon ding
paraan; at sa gayo'y papasukin ko ang hari, na hindi ayon
sa kautusan: at kung ako'y mamatay ay mamatay. 17 Sa
gayo'y yumaon si Mardocheo at ginawa ang ayon sa lahat
na iniutos ni Esther sa kaniya.

5 Nangyari nga, nang ikatlong araw, na nagsuot si Esther ng
kaniyang bihisang pagkareina, at tumayo sa pinakaloob
ng bahay ng hari, sa tapat ng bahay-hari; at ang hari ay

naupo sa kaniyang luklukang hari sa bahay-hari, sa tapat
ng pasukan sa bahay. 2 At nagkagayon, nang makita ng
hari si Esther na reina na nakatayo sa looban, na siya'y
nagtamo ng biyaya sa kaniyang paningin: at inilawit ng hari
kay Esther ang gintong cetro na nasa kaniyang kamay.
Sa gayo'y lumapit si Esther, at hinipo ang dulo ng cetro.
3 Nang magkagayo'y sinabi ng hari sa kaniya, Anong ibig
mo, reina Esther? at ano ang iyong hiling? mabibigay sa
iyo kahit kalahati ng kaharian. 4 At sinabi ni Esther, Kung
inaakalang mabuti ng hari, pumaroon sa araw na ito ang
hari at si Aman sa pigingan na aking inihanda sa kaniya. 5
Nang magkagayo'y sinabi ng hari, Papagmadaliin si Aman
upang magawa ang gaya ng sinabi ni Esther. Sa gayo'y
naparoon ang hari at si Aman sa pigingan na inihanda ni
Esther. 6 At sinabi ng hari kay Esther sa pigingan ng alak:
Ano ang iyong hingi? at ipagkakaloob sa iyo at ano ang
iyong hiling? kahit kalahati ng kaharian ay ipagkakaloob. 7
Nang magkagayo'y sumagot si Esther, at nagsabi, Ang aking
hingi at ang aking hiling ay ito; 8 Kung ako'y nakasumpong
ng biyaya sa paningin ng hari, at kung kalugdan ng hari
na ipagkaloob ang aking hingi, at gawin ang aking hiling,
na pumaroon ang hari at si Aman sa pigingan na aking
ihahanda sa kanila, at aking gagawin bukas na gaya ng
sinabi ng hari. 9 Nang magkagayo'y lumabas si Aman sa
araw na yaon na galak at may masayang puso: nguni't
nang makita ni Aman si Mardocheo sa pintuang-daan ng
hari, na hindi siya tumayo o kumilos man sa kaniya, siya'y
napuno ng pagkapoot laban kay Mardocheo. 10 Gayon may
nagpigil si Aman sa kaniyang sarili, at umuwi sa bahay; at
siya'y nagsugo at tinipon ang kaniyang mga kaibigan at
si Zeres na kaniyang asawa. 11 At isinaysay ni Aman sa
kanila ang kaluwalhatian ng kaniyang mga kayamanan, at
ang karamihan ng kaniyang mga anak, at lahat ng bagay
na ipinagkaloob ng hari sa kaniya, at kung paanong siya'y
nataas ng higit kay sa mga prinsipe at mga lingkod ng hari.
12 Sinabi ni Aman, bukod dito: Oo, si Esther na reina ay
hindi nagpasok ng sinoman na kasama ng hari sa pigingan
na kaniyang inihanda kundi ako lamang; at kinabukasan
naman ay inaanyayahan niya ako na kasama ng hari. 13
Gayon ma'y ang lahat ng ito'y walang kabuluhan sa akin
habang aking nakikita si Mardocheo na Judio na nakaupo sa
pintuang-daan ng hari. 14 Nang magkagayo'y sinabi ni Zeres
na kaniyang asawa at ng lahat niyang kaibigan sa kaniya:
Magpagawa ka ng isang bibitayan na may limang pung siko
ang taas, at sa kinaumagahan ay salitain mo sa hari na
bitayin doon si Mardocheo: kung magkagayo'y yumaon kang
masaya na kasama ng hari sa pigingan. At ang bagay ay
nakalugod kay Aman; at kaniyang ipinagawa ang bibitayan.

6 Nang gabing yaon ay hindi makatulog ang hari; at
kaniyang iniutos na dalhin ang aklat ng mga alaala
ng mga gawa, at mga binasa sa harap ng hari. 2 At
nasumpungang nakasulat, na si Mardocheo ay nagsaysay
tungkol kay Bigthana at kay Teres, dalawa sa mga kamarero
ng hari, sa nangagingat ng pintuan na nangagisip magbuhat
ng kamay sa haring Assuero. 3 At sinabi ng hari, Anong
karangalan at kamahalan ang nagawa kay Mardocheo sa
bagay na ito? Nang magkagayo'y sinabi ng mga lingkod
ng hari na nagsisipaglingkod sa kaniya, Walang anomang
nagawa sa kaniya. 4 At sinabi ng hari, Sino ang nasa
looban? Si Aman nga ay pumasok sa looban ng bahay
ng hari, upang magsalita sa hari na bitayin si Mardocheo
sa bibitayan na inihanda niya sa kaniya. 5 At ang mga
lingkod ng hari ay nagsabi sa kaniya. Narito, si Aman ay
nakatayo sa looban. At sinabi ng hari, Papasukin siya. 6 Sa
gayo'y pumasok si Aman. At ang hari ay nagsabi sa kaniya,
Anong gagawin sa lalake na kinalulugdang parangalin ng
hari? Sinabi nga ni Aman sa kaniyang sarili: Sino ang
kinalulugdang parangalin ng hari na higit kay sa akin? 7 At
sinabi ni Aman sa hari, Sa lalake na kinalulugdang parangalin
ng hari, 8 Ay dalhan ng damit-hari na isinusuot ng hari, at
ng kabayo na sinasakyan ng hari, at putungan sa ulo ng
putong na hari: 9 At ang bihisan at ang kabayo ay mabigay
sa kamay ng isa sa pinakamahal na prinsipe ng hari, upang
bihisang gayon ang lalake na kinalulugdang parangalin ng
hari, at pasakayin siya sa kabayo sa lansangan ng bayan, at
itanyag sa unahan niya; Ganito ang gagawin sa lalake na
kinalulugdang parangalin ng hari. 10 Nang magkagayo'y
sinabi ng hari kay Aman, Ikaw ay magmadali, at kunin
mo ang bihisan at ang kabayo, gaya ng iyong sinabi, at
gawin mong gayon kay Mardocheo, na Judio, na nauupo sa
pintuang-daan ng hari; huwag magkulang ang anomang
bagay sa lahat na iyong sinalita. 11 Nang magkagayo'y
kinuha ni Aman ang bihisan at ang kabayo, at binihisan
si Mardocheo, at pinasakay sa lansangan ng bayan, at
nagtanyag sa unahan niya: Ganito ang gagawin sa lalake
na kinalulugdang parangalin ng hari. 12 At si Mardocheo
ay bumalik sa pintuang-daan ng hari. Nguni't si Aman ay
nagmadaling umuwi, na tumatangis at may takip ang ulo. 13
At isinaysay ni Aman kay Zeres na kaniyang asawa at sa
lahat niyang mga kaibigan ang bawa't bagay na nangyari
sa kaniya. Nang magkagayo'y sinabi ng kaniyang mga
pantas na lalake, at ni Zeres na kaniyang asawa sa kaniya:
Kung si Mardocheo, na iyong pinasimulang kinahulugan sa
harap, ay sa binhi ng mga Judio, hindi ka mananaig laban
sa kaniya, kundi ikaw ay walang pagsalang mahuhulog sa
harap niya. 14 Samantalang sila'y nakikipagsalitaan pa sa

kaniya, dumating ang mga kamarero ng hari at nagmadaling dinala si Aman sa pigingan na inihanda ni Esther.

7 Sa gayo'y naparoon ang hari at si Aman sa pigingan na kasama ni Esther na reina. 2 At sinabi uli ng hari kay Esther nang ikalawang araw sa pigingan ng alak: Ano ang iyong hingi, reina Esther? at ibibigay sa iyo: at ano ang iyong hiling? kahit kalahati ng kaharian ay ipagkakaloob. 3 Nang magkagayo'y sumagot, at nagsabi si Esther na reina, Kung ako'y nakasumpong ng biyaya sa iyong paningin, Oh hari, at kung kalulugdan ng hari, ipagkaloob sa akin ang aking buhay sa aking hingi at ang aking bayan sa aking hiling: 4 Sapagka't kami ay naipagbili, ako at ang aking bayan upang ipahamak, upang patayin, at upang lipulin. Nguni't kung kami ay naipagbili na mga pinakaaliping lalake at babae, ako'y tumahimik, bagaman hindi mababayaran ng kaaway ang bagabag sa hari. 5 Nang magkagayo'y nagsalita ang haring Assuero, at nagsabi kay Esther na reina: Sino siya, at saan nandoon siya, na nangangahas magbanta na gumawa ng gayon? 6 At sinabi ni Esther, Ang isang kaaway at kaalit: itong masamang si Aman. Nang magkagayo'y natakot si Aman sa harap ng hari at ng reina. 7 At ang hari ay tumindig sa pigingan ng alak sa kaniyang pagkapoot, at pumasok sa halamanan ng bahay-hari: at si Aman ay tumayo upang ipamanhik ang kaniyang buhay kay Esther na reina; sapagka't nakita niya na may kasamaang ipinasiya laban sa kaniya ang hari. 8 Nang magkagayo'y bumalik ang hari na mula sa halamanan ng bahay-hari hanggang sa pigingan ng alak; at si Aman ay sumubsob sa hiligan na kinaroroonan ni Esther. Nang magkagayo'y sinabi ng hari, Kaniya bang dadahasin ang reina sa harap ko sa bahay? Pagkabigkas ng salita sa bibig ng hari ay kanilang tinakpan ang mukha ni Aman. 9 Nang magkagayo'y sinabi ni Harbona, na isa sa kamarero na nasa harap ng hari: Narito naman, ang bibitayan na may limang pung siko ang taas, na ginawa ni Aman ukol kay Mardocheo, na siyang nagsalita sa ikabubuti ng hari, ay nakatayo sa bahay ni Aman. At sinabi ng hari, Bitayin siya roon. 10 Sa gayo'y binitay nila si Aman sa bibitayan na inihanda niya ukol kay Mardocheo. Nang magkagayo'y napayapa ang kapootan ng hari.

8 Nang araw na yaon ay ibinigay ng haring Assuero ang bahay ni Aman na kaaway ng mga Judio kay Esther na reina. At si Mardocheo ay naparoon sa harap ng hari; sapagka't isinaysay ni Esther kung ano niya siya. 2 At hinubad ng hari ang kaniyang singsing na hinubad niya kay Aman, at ibinigay kay Mardocheo. At inilagay ni Esther si Mardocheo sa bahay ni Aman. 3 At si Esther ay nagsalita pa uli sa harap ng hari, at nagpatirapa sa kaniyang mga paa, at ipinamanhik sa kaniya na may luha, na pawiin ang kasamaan ni Aman na Agageo, at ang kaniyang banta na kaniyang ibinanta sa mga Judio. 4 Nang magkagayo'y inilawit ng hari kay Esther ang gintong cetro. Sa gayo'y tumindig si Esther, at tumayo sa harap ng hari. 5 At sinabi niya, Kung kinalulugdan ng hari at kung ako'y nakasumpong ng biyaya sa kaniyang paningin, at ang bagay ay inaakalang matuwid sa harap ng hari, at ako'y nakalulugod sa kaniyang mga mata, masulat na tiwaliin ang mga sulat na ibinanta ni Aman na anak ni Amedata, na Agageo, na kaniyang sinulat upang lipulin ang mga Judio na nangasa lahat na lalawigan ng hari: 6 Sapagka't paanong ako'y makapagtitiis na makita ang kasamaan na darating sa aking bayan? o paanong ako'y makapagtitiis na makita ang paglipol sa aking kamaganakan? 7 Nang magkagayo'y sinabi ng haring Assuero kay Esther na reina, at kay Mardocheo na Judio: Narito, ibinigay ko kay Esther ang bahay ni Aman, at siya ang kanilang binitay sa bibitayan, sapagka't siya'y nagbuhat ng kaniyang kamay sa mga Judio. 8 Sumulat naman kayo sa mga Judio, kung anong maibigan ninyo sa pangalan ng hari, at tatakan ninyo ng singsing ng hari: sapagka't ang sulat na nasusulat sa pangalan ng hari, at natatakan ng singsing ng hari ay walang taong makatitiwali. 9 Nang magkagayo'y tinawag ang mga kalihim ng hari ng panahong yaon, sa ikatlong buwan, na siyang buwan ng Sivan, nang ikadalawang pu't tatlo niyaon; at nasulat ayon sa lahat na iniutos ni Mardocheo sa mga Judio at sa mga satrapa, at sa mga tagapamahala at mga prinsipe ng mga lalawigan na nandoon mula sa India hanggang sa Etiopia, na isang daan at dalawang pu't pitong lalawigan, sa bawa't lalawigan ayon sa sulat niyaon, at sa bawa't bayan ayon sa wika nila, at sa mga Judio ayon sa sulat nila, at ayon sa wika nila. 10 At kaniyang sinulat sa pangalan ng haring Assuero, at tinatakan ng singsing ng hari, at nagpadala ng mga sulat sa pamamagitan ng mga sugo na nagsisipangabayo na nangakasakay sa mga matulin na kabayo na ginagamit sa paglilingkod sa hari, at sa mga batang dromedario; 11 Na pinagkakalooban ng hari ang mga Judio na nangasa bawa't bayan, na magpipisan, at ipagsanggalang ang kanilang buhay, upang magpahamak, pumatay, at magpalipol, sa buong kapangyarihan ng bayan at lalawigan na loloob sa kanila, sa kanilang mga bata at mga babae, at kumuha ng samsam sa kanila na pinakahuli, 12 Sa isang araw sa lahat na lalawigan ng haring Assuero, nang ikalabing tatlong araw ng ikalabing dalawang buwan, na siyang buwan ng Adar. 13 Isang salin ng sulat na ang pasiya'y ihayag sa bawa't lalawigan, ay nahayag sa lahat ng mga bayan, at upang ang mga Judio ay magsihanda sa araw na yaon na magsipanghiganti sa kanilang mga kaaway. 14 Sa gayo'y ang mga sugo na nangasasakay sa mga matulin na kabayo

na ginagamit sa paglilingkod sa hari ay nagsilabas, na
nangagmamadali at nangagtutumulin sa utos ng hari; at
ang pasiya ay nahayag sa Susan na bahay-hari. **15** At
si Mardocheo ay lumabas mula sa harapan ng hari na
nakapanamit hari na bughaw, at puti, at may dakilang putong
na ginto, at may balabal na mainam na lino at kulay ube: at
ang bayan ng Susan ay humiyaw at natuwa. **16** Nagkaroon
ang mga Judio ng kaliwanagan at ng kasayahan, at ng
kagalakan at ng karangalan. **17** At sa bawa't lalawigan, at
sa bawa't bayan, saan man dumating ang utos ng hari at
pasiya niya, ay nagkaroon ang mga Judio ng kasayahan
at kagalakan, ng kapistahan at mabuting araw. At marami
na mula sa mga bayan ng lupain ay naging mga Judio;
sapagka't ang takot sa mga Judio ay suma kanila.

**9** Sa ikalabing dalawang buwan nga, na siyang buwan ng
Adar, nang ikalabing tatlong araw ng buwan ding yaon,
nang ang utos ng hari at ang pasiya niya ay malapit nang
gagawin, nang araw na inaasahan ng mga kaaway ng mga
Judio na magpuno sa kanila; (yamang napabaligtad, na ang
mga Judio ay siyang naghari sa kanila na nangapopoot
sa kanila), **2** Ang mga Judio ay nagpipisan sa kanilang
mga bayan sa lahat na lalawigan ng haring Assuero, upang
magbuhat ng kamay sa mga nagbabanta ng kanilang
kapahamakan: at walang makatayo sa kanila; sapagka't ang
takot sa kanila ay nahulog sa lahat ng mga bayan. **3** At lahat
ng mga prinsipe sa mga lalawigan, at ang mga satrapa, at
ang mga tagapamahala, at ang mga nagsisigawa ng gawain
ng hari, ay nagsitulong sa mga Judio; sapagka't ang takot
kay Mardocheo ay suma kanila, **4** Sapagka't si Mardocheo
ay dakila sa bahay ng hari, at ang kaniyang kabantugan ay
lumaganap sa lahat ng mga lalawigan: sapagka't ang lalaking
si Mardocheo ay dumakila, ng dumakila. **5** At sinaktan ng
mga Judio ang lahat ng kanilang mga kaaway sa taga ng
tabak, at sa pagpatay at paggiba, at ginawa ang naibigan
nila sa nangapopoot sa kanila. **6** At sa Susan na bahay-
hari ay nagsipatay ang mga Judio at nagsilipol ng limang
daang lalake. **7** At si Phorsandatha, at si Dalphon, at si
Asphatha, **8** At si Phoratha, at si Ahalia, at si Aridatha. **9** At
si Pharmastha, at si Arisai, at si Aridai, at si Vaizatha, **10** Na
sangpung anak ni Aman, na anak ni Amedatha, na kaaway
ng mga Judio, ay pinatay nila; nguni't sa pagsamsam, hindi
nila binuhat ang kanilang kamay. **11** Nang araw na yaon
ay ang bilang ng nangapatay sa Susan na bahay-hari ay
dinala sa harap ng hari. **12** At sinabi ng hari kay Esther na
reina; Ang mga Judio ay nagsipatay at nagsilipol ng limang
daang lalake sa Susan na bahay-hari, at ng sangpung anak
ni Aman; ano nga ang kanilang ginawa kaya sa ibang mga
lalawigan ng hari? Ngayon, ano pa ang iyong kahilingan?
at ipagkakaloob sa iyo: o ano pa ang iyong kahingian?
at gagawin. **13** Nang magkagayo'y sinabi ni Esther, Kung
kinalulugdan ng hari ipagkaloob sa mga Judio na nangasa
Susan na gawin din bukas ang ayon sa pasiya ng araw na
ito, at ang sangpung anak ni Aman ay mabitin sa bibitayan.
**14** At iniutos ng hari na gawing gayon: at ang pasiya ay
nabigay mula sa Susan; at kanilang ibinitin ang sangpung
anak ni Aman. **15** At ang mga Judio na nangasa Susan ay
nagpipisan nang ikalabing apat na araw din ng buwan ng
Adar, at nagsipatay ng tatlong daang lalake sa Susan: nguni't
sa pagsamsam ay hindi sila nangagbuhat na kanilang kamay.
**16** At ang ibang mga Judio na nangasa mga lalawigan ng
hari ay nagpipisan, at ipinagsanggalang ang kanilang buhay,
at nangagkaroon ng kapahingahan sa kanilang mga kaaway,
at nagsipatay sa mga nangapopoot sa kanila ng pitong pu't
limang libo; nguni't sa pagsamsam ay hindi nila binuhat
ang kanilang kamay. **17** Ito'y nagawa nang ikalabing tatlong
araw ng buwan ng Adar: at nang ikalabing apat na araw ng
buwan ding yaon ay nangagpahinga sila, at ginawang araw
ng pistahan at kasayahan. **18** Nguni't ang mga Judio na
nangasa Susan ay nagpipisan nang ikalabing tatlong araw
niyaon, at nang ikalabing apat niyaon; at nang ikalabing
limang araw ng buwan ding yaon ay nangagpahinga sila,
at ginawang araw ng kapistahan at kasayahan. **19** Kaya't
ang mga Judio sa mga nayon, na nagsisitahan sa mga
bayan na hindi nangakukutaan, ginagawa ang ikalabing
apat na araw ng buwan ng Adar na araw ng kasayahan at
pistahan, at mabuting araw, at ng padalahan ng mga bahagi
ng isa't isa. **20** At sinulat ni Mardocheo ang mga bagay
na ito, at nagpadala ng mga sulat sa lahat ng Judio, na
nangasa lahat na lalawigan ng haring Assuero, sa malapit
at gayon din sa malayo, **21** Upang ipagbilin sa kanila na
kanilang ipangilin ang ikalabing apat na araw ng buwan
ng Adar, at ang ikalabing lima niyaon, taon-taon. **22** Na
mga pinakaaraw na ipinagkaroon ng kapahingahan ng mga
Judio sa kanilang mga kaaway, at buwan ng ikinapaging
kasayahan ng kapanglawan, at ikinapaging mabuting araw
ng pagtangis: upang kanilang gawing mga araw ng pistahan
at kasayahan, at ng pagpapadalahan ng mga bahagi ng isa't
isa, at ng mga kaloob sa mga dukha. **23** At pinagkasunduan
ng mga Judio na gawin ang gaya ng kanilang pinasimulan,
at ang isinulat ni Mardocheo sa kanila; **24** Sapagka't si Aman
na anak ni Amedatha na Agageo, na kaaway ng lahat na
Judio ay nagbanta laban sa mga Judio upang lipulin sila, at
pinagsapalaran nga ang Pur, upang patayin, at upang lipulin
sila; **25** Nguni't nang dumating sa harap ng hari ang bagay,
ay kaniyang iniutos sa pamamagitan ng mga sulat na ang
kaniyang masamang banta, na kaniyang ibinanta laban sa
mga Judio, ay mauwi sa kaniyang sariling ulo; at siya at
ang kaniyang mga anak ay mabitay sa bibitayan. **26** Kaya't

kanilang tinawag ang mga araw na ito na Purim, ayon sa
pangalan ng Pur. Kaya't dahil sa lahat na salita ng sulat
na ito, at ng kanilang nakita tungkol sa bagay na ito, at ng
dumating sa kanila, **27** Ang mga Judio ay nangagpasiya at
nagsipangako sa kanilang sarili at sa kanilang binhi, at sa
lahat ng yaon na nagpipisan sa kanila, na anopa't huwag
magkulang, na kanilang ipangingilin ang dalawang araw na
ito ayon sa sulat niyaon, at ayon sa takdang panahon niyaon
taon-taon; **28** At ang mga araw na ito ay aalalahanin at
ipangingilin sa buong panahon, na bawa't angkan, ng bawa't
lalawigan, at ng bawa't bayan; at ang mga araw na ito ng
Purim ay hindi lilipas sa mga Judio, o ang alaala man sa
mga yaon ay lilipas sa kanilang binhi. **29** Nang magkagayo'y
si Esther na reina na anak ni Abihail, at si Mardocheo na
Judio, sumulat ng buong kapamahalaan upang pagtibayin
ang ikalawang sulat na ito ng Purim. **30** At siya'y nagpadala
ng mga sulat sa lahat ng mga Judio, sa isang daan at
dalawang pu't pitong lalawigan ng kaharian ni Assuero, na
may mga salita ng kapayapaan at katotohanan, **31** Upang
pagtibayin ang mga araw na ito ng Purim, sa kanilang mga
takdang panahon, ayon sa ibinilin sa kanila ni Mardocheo na
Judio at ni Esther na reina, at ayon sa kanilang ipinasiya sa
kanilang sarili at sa kanilang binhi, sa bagay ng pag-aayuno
at ng kanilang pagdaing. **32** At pinagtibay ng utos ni Esther
ang mga bagay na ito ng Purim; at nasulat sa aklat.

**10** At ang haring Assuero ay nagatang ng buwis sa lupain,
at sa mga pulo ng dagat. **2** At lahat ng mga gawa
ng kaniyang kapangyarihan at ng kaniyang kakayahan, at
ang lubos na kasaysayan ng kadakilaan ni Mardocheo, na
ipinagtaas sa kaniya ng hari, hindi ba nangasusulat sa aklat
ng mga alaala sa mga hari sa Media at Persia? **3** Sapagka't
si Mardocheo na Judio ay pangalawa ng haring Assuero, at
dakila sa gitna ng mga Judio, at kinalulugdan ng karamihan
ng kaniyang mga kapatid: na humahanap ng ikabubuti ng
kaniyang bayan, at nagsasalita ng kapayapaan sa kaniyang
buong lahi.

# Job

1 May isang lalake sa lupain ng Uz, na ang pangalan
ay Job; at ang lalaking yaon ay sakdal at matuwid, at
natatakot sa Dios, at humihiwalay sa kasamaan. 2 At may
ipinanganak sa kaniya na pitong anak na lalake at tatlong
anak na babae. 3 Ang kaniyang pag-aari naman ay pitong
libong tupa, at tatlong libong kamelyo, at limang daang
magkatuwang na baka, at limang daang asnong babae,
at isang totoong malaking sangbahayan; na anopa't ang
lalaking ito ay siyang pinaka dakila sa lahat na mga anak
ng silanganan. 4 At ang kaniyang mga anak ay nagsiyaon
at nagsipagdaos ng kapistahan sa bahay ng bawa't isa sa
kanikaniyang kaarawan; at sila'y nangagsugo, at ipinatawag
ang kanilang tatlong kapatid na babae upang magsikain at
magsiinom na kasalo nila. 5 At nangyari, nang makaraan
ang mga kaarawan ng kanilang pagpipista, na si Job ay
nagsugo, at pinapagbanal sila, at bumangong maaga sa
kinaumagahan, at naghandog ng mga handog na susunugin
ayon sa bilang nilang lahat: sapagka't sinabi ni Job, Marahil
ang aking mga anak ay nangagkasala, at itinakuwil ang Dios
sa kanilang mga puso. Ganito ang ginawa ni Job na palagi. 6
Isang araw nga nang ang mga anak ng Dios ay magsiparoon
na magsiharap sa Panginoon, na si Satanas ay naparoon
din naman na kasama nila. 7 At sinabi ng Panginoon kay
Satanas, Saan ka nanggaling? Nang magkagayo'y sumagot
si Satanas sa Panginoon, at nagsabi, Sa pagpaparoo't parito
sa lupa, at sa pagmamanhik manaog doon. 8 At sinabi ng
Panginoon kay Satanas, Iyo bang pinansin ang aking lingkod
na si Job? sapagka't walang gaya niya sa lupa, na sakdal at
matuwid na lalake, na natatakot sa Dios at humihiwalay sa
kasamaan. 9 Nang magkagayo'y sumagot si Satanas sa
Panginoon, at nagsabi, Natatakot ba ng walang kabuluhan si
Job sa Dios? 10 Hindi mo ba kinulong siya, at ang kaniyang
sangbahayan, at ang lahat niyang tinatangkilik, sa bawa't
dako? iyong pinagpala ang gawa ng kaniyang mga kamay,
at ang kaniyang pag-aari ay dumami sa lupain. 11 Nguni't
pagbuhatan mo siya ng iyong kamay ngayon, at galawin
mo ang lahat niyang tinatangkilik, at itatakuwil ka niya ng
mukhaan, 12 At sinabi ng Panginoon kay Satanas, Narito,
lahat niyang tinatangkilik ay nangasa iyong kapangyarihan;
siya lamang ang huwag mong pagbuhatan ng iyong kamay.
Sa gayo'y lumabas si Satanas na mula sa harapan ng
Panginoon. 13 At nangyari isang araw, nang ang kaniyang
mga anak na lalake at babae ay nagsisikain at nagsisiinom
ng alak sa bahay ng kanilang kapatid na panganay. 14 Na
dumating ang isang sugo kay Job, at nagsabi, Ang mga baka
ay nagsisipagararo, at ang mga asno ay nagsisisabsab sa
siping nila: 15 At dinaluhong ng mga Sabeo, at pinagdadala;
oo, kanilang pinatay ng talim ng tabak ang mga bataan;
at ako lamang ang nakatanang magisa upang magsaysay
sa iyo. 16 Samantalang siya'y nagsasalita pa, ay dumating
naman ang iba, at nagsabi, Ang apoy ng Dios ay nalaglag
mula sa langit, at sinunog ang mga tupa, at ang mga bataan,
at pinagsupok; at ako lamang ang nakatanang magisa upang
magsaysay sa iyo. 17 Samantalang siya'y nagsasalita pa,
ay dumating naman ang iba, at nagsabi, Ang mga Caldeo
ay nagtatlong pulutong, at dumaluhong sa mga kamelyo,
at pinagdadala, oo, at pinatay ng talim ng tabak ang mga
bataan; at ako lamang ang nakatanang magisa upang
magsaysay sa iyo. 18 Samantalang siya'y nagsasalita pa,
ay dumating naman ang iba, at nagsabi, Ang iyong mga
anak na lalake at babae ay nagsisikain at nagsisiinom ng
alak sa bahay ng kanilang kapatid na panganay: 19 At,
narito, dumating ang malakas na hangin na mula sa ilang,
at hinampas ang apat na sulok ng bahay, at lumagpak
sa mga binata, at sila'y nangamatay; at ako lamang ang
nakatanang magisa upang magsaysay sa iyo. 20 Nang
magkagayo'y bumangon si Job, at hinapak ang kaniyang
balabal, at inahitan ang kaniyang ulo, at nagpatirapa sa lupa
at sumamba; 21 At sinabi niya, Hubad akong lumabas sa
bahay-bata ng aking ina, at hubad na babalik ako roon: ang
Panginoon ang nagbigay, at ang Panginoon ang nagalis;
purihin ang pangalan ng Panginoon. 22 Sa lahat ng ito ay
hindi nagkasala si Job, ni inari mang mangmang ang Dios.

2 Nangyari uli na sa araw nang pagparoon ng mga anak ng
Dios upang magsiharap sa Panginoon, na nakiparoon din
si Satanas, upang humarap sa Panginoon. 2 At sinabi ng
Panginoon kay Satanas, Saan ka nanggaling? At si Satanas
ay sumagot sa Panginoon, at nagsabi, Sa pagpaparoo't
parito sa lupa, at sa pagmamanhik manaog doon. 3 At sinabi
ng Panginoon kay Satanas, Iyo bang pinansin ang aking
lingkod na si Job? sapagka't walang gaya niya sa lupa,
na sakdal at matuwid na lalake, na natatakot sa Dios, at
humihiwalay sa kasamaan: at siya'y namamalagi sa kaniyang
pagtatapat, bagaman ako'y kinilos mo laban sa kaniya,
upang ilugmok siya ng walang kadahilanan. 4 At si Satanas
ay sumagot sa Panginoon, at nagsabi, Balat kung balat, oo,
lahat na tinatangkilik ng tao ay ibibigay dahil sa kaniyang
buhay. 5 Nguni't pagbuhatan mo ngayon ng iyong kamay, at
galawin mo ang kaniyang buto at ang kaniyang laman, at
kaniyang itatakuwil ka ng mukhaan. 6 At ang Panginoon
ay nagsabi kay Satanas, Narito, siya'y nasa iyong kamay;
ingatan mo lamang ang kaniyang buhay. 7 Sa gayo'y umalis
si Satanas mula sa harapan ng Panginoon, at pinasibulan si
Job ng mga masamang bukol na mula sa talampakan ng
kaniyang paa hanggang sa kaniyang puyo. 8 At kumuha
siya ng isang bibinga ng palyok upang ipangkayod ng langib;

at siya'y naupo sa mga abo. 9 Nang magkagayo'y sinabi
ng kaniyang asawa sa kaniya, Namamalagi ka pa ba sa
iyong pagtatapat? itakuwil mo ang Dios, at mamatay ka. 10
Nguni't sinabi niya sa kaniya, Ikaw ay nagsasalita na gaya
ng pagsasalita ng hangal na babae. Ano? tatanggap ba
tayo ng mabuti sa kamay ng Dios, at hindi tayo tatanggap
ng masama? Sa lahat ng ito ay hindi nagkasala si Job
ng kaniyang mga labi. 11 Nang mabalitaan nga ng tatlong
kaibigan ni Job ang lahat na kasamaang ito na sumapit sa
kaniya sila'y naparoon bawa't isa na mula sa kanikaniyang
sariling pook, si Eliphaz na Temanita, at si Bildad na Suhita,
at si Sophar na Naamathita: at sila'y nangagkaiisang loob na
magsiparoon upang makidamay sa kaniya at aliwin siya. 12
At nang kanilang itanaw ang kanilang mga mata mula sa
malayo, at hindi siya makilala, kanilang inilakas ang kanilang
tinig, at nagsiiyak at hinapak ng bawa't isa sa kanila ang
kanikaniyang balabal, at nagbuhos ng alabok sa kanilang
mga ulo sa dakong langit. 13 Sa gayo'y nangakiumpok sila
sa kaniya sa ibabaw ng lupa na pitong araw at pitong gabi,
at walang nagsalita sa kaniya: sapagka't kanilang nakita na
ang kaniyang paghihirap ay totoong malaki.

3 Pagkatapos nito'y ibinuka ni Job ang kaniyang bibig
at sinumpa ang kaniyang kaarawan. 2 At si Job ay
sumagot, at nagsabi, 3 Maparam nawa ang kaarawan ng
kapanganakan sa akin, at ang gabi na nagsabi, may lalaking
ipinaglihi. 4 Magdilim nawa ang kaarawang yaon; huwag
nawang pansinin ng Dios mula sa itaas, ni silangan man ng
liwanag. 5 Ang dilim at ang salimuot na kadiliman ang siyang
mangagari niyaon; pag-ulapan nawa yaon; Pangilabutin
nawa yaon ng lahat na nagpapadilim sa araw. 6 Suma gabing
yaon nawa ang pagsasalimuot ng kadiliman: huwag nawang
kagalakan sa mga araw ng sangtaon; huwag nawang
mapasok sa bilang ng mga buwan. 7 Narito, mapagisa ang
gabing yaon; huwag nawang datnan yaon ng masayang
tinig. 8 Sumpain nawa yaong nanganunumpa sa araw, ng
nangamimihasang gumalaw sa buwaya. 9 Mangagdilim
nawa ang mga bituin ng pagtatakip-silim niyaon: maghintay
nawa ng liwanag, nguni't huwag magkaroon: ni huwag
mamalas ang mga bukang liwayway ng umaga: 10 Sapagka't
hindi tinakpan ang mga pinto ng bahay-bata ng aking ina,
o ikinubli man ang kabagabagan sa aking mga mata. 11
Bakit hindi pa ako namatay mula sa bahay-bata? Bakit di pa
napatid ang aking hininga nang ipanganak ako ng aking
ina? 12 Bakit tinanggap ako ng mga tuhod? O bakit ng
mga suso, na aking susususuhin? 13 Sapagka't ngayon ay
nahihiga sana ako at natatahimik; ako sana'y nakakatulog;
na napapahinga ako: 14 Na kasama ng mga hari at ng mga
kasangguni sa lupa, na nagsisigawa ng mga dakong ilang
sa ganang kanila; 15 O ng mga pangulo na nangagkaroon
ng ginto, na pumuno sa kanilang bahay ng pilak: 16 O gaya
sana ng nalagas na nakatago, na hindi nabuhay; gaya sana
ng sanggol na kailan man ay hindi nakakita ng liwanag.
17 Doo'y naglilikat ang masama sa pagbagabag; at doo'y
nagpapahinga ang pagod. 18 Doo'y ang mga bihag ay
nangagpapahingang magkakasama; hindi nila naririnig ang
tinig ng nagpapaatag. 19 Ang mababa at ang mataas ay
nangaroon; at ang alipin ay laya sa kaniyang panginoon.
20 Bakit binibigyan ng liwanag ang nasa karalitaan, at ng
buhay ang kaluluwang nasa kahirapan; 21 Na naghihintay
ng kamatayan, nguni't hindi dumarating; at hinahangad ng
higit kaysa mga kayamanang nakatago; 22 Na nagagalak
ng di kawasa, at nangasasayahan, pagka nasumpungan
ang libingan? 23 Bakit binibigyan ng liwanag ang tao na
kinalilingiran ng lakad, at ang kinulong ng Dios? 24 Sapagka't
nagbubuntong hininga ako bago ako kumain, at ang aking
mga angal ay bumubugsong parang tubig. 25 Sapagka't ang
bagay na aking kinatatakutan ay dumarating sa akin, at ang
aking pinangingilabutan ay dumarating sa akin. 26 Hindi ako
tiwasay, ni ako man ay tahimik, ni ako man ay napapahinga;
kundi kabagabagan ang dumarating.

4 Nang magkagayo'y sumagot si Eliphaz na Temanita,
at nagsabi, 2 Kung tikman ng isa na makipagusap
sa iyo, ikababalisa mo ba? Nguni't sinong makapipigil ng
pagsasalita? 3 Narito, ikaw ay nagturo sa marami, at iyong
pinalakas ang mahinang mga kamay. 4 Ang iyong mga salita
ay nagsialalay sa nangabubuwal, at iyong pinalakas ang
mahinang mga tuhod. 5 Nguni't ngayo'y dinaratnan ka ng
kasamaan, at ikaw ay nanglulupaypay; ginagalaw ka, at
ikaw ay nababagabag. 6 Hindi ba ang iyong takot sa Dios ay
ang iyong tiwala, at ang iyong pagasa ay ang pagtatapat
ng iyong mga lakad? 7 Iyong alalahanin, isinasamo ko sa
iyo, kung sino ang namatay, na walang malay? O saan
nangahiwalay ang mga matuwid? 8 Ayon sa aking pagkakita
yaong nagsisipagararo ng kasamaan, at nangaghahasik
ng kabagabagan ay gayon din ang inaani. 9 Sa hinga ng
Dios sila'y nangamamatay, at sa bugso ng kaniyang galit
sila'y nangalilipol. 10 Ang ungal ng leon, at ang tinig ng
mabangis na leon, at ang mga ngipin ng mga batang leon,
ay nangabali. 11 Ang matandang leon ay namamatay dahil
sa kawalan ng huli, at ang mga batang leong babae ay
nagsisipangalat. 12 Ngayo'y nadalang lihim sa akin ang
isang bagay, at ang aking pakinig ay nakakaulinig ng bulong
niyaon. 13 Sa mga pagiisip na mula sa mga pangitain
sa gabi, pagka ang mahimbing na tulog ay nahuhulog sa
mga tao, 14 Takot ay dumating sa akin, at panginginig,
na nagpapanginig ng lahat ng aking mga buto. 15 Nang
magkagayo'y dumaan ang isang espiritu sa aking mukha.
Ang balahibo ng aking balat ay nanindig. 16 Tumayong

nakatigil, nguni't hindi ko mawari ang anyo niyaon; isang
anyo ang nasa harap ng aking mga mata: tahimik, at ako'y
nakarinig ng tinig, na nagsasabi, 17 Magiging ganap pa
ba ang taong may kamatayan kay sa Dios? Lilinis pa ba
kaya ang tao kay sa Maylalang sa kaniya? 18 Narito, siya'y
hindi naglalagak ng tiwala sa kaniyang mga lingkod; at
inaari niyang mga mangmang ang kaniyang mga anghel:
19 Gaano pa kaya sila na nagsisitahan sa mga bahay na
putik, na ang patibayan ay nasa alabok, na napipisang
gaya ng paroparo! 20 Sa pagitan ng umaga at hapon, ay
nangagigiba; nangapaparam magpakailan man na walang
pumupuna. 21 Hindi ba nalalagot ang tali ng kanilang tolda
sa loob nila? Sila'y nangamamatay at walang karunungan.

5 Tumawag ka ngayon; may sasagot ba sa iyo? At sa
kanino sa mga banal babalik ka? 2 Sapagka't ang bigat
ng loob ay pumapatay sa taong hangal, at ang paninibugho
ay pumapatay sa mangmang. 3 Aking nakita ang hangal na
umuunlad: nguni't agad kong sinumpa ang kaniyang tahanan.
4 Ang kaniyang mga anak ay malayo sa katiwasayan, at sila'y
mangapipisa sa pintuang-bayan, na wala mang magligtas
sa kanila. 5 Na ang kaniyang ani ay kinakain ng gutom, at
kinukuha na mula sa mga tinik, at ang silo ay nakabuka
sa kanilang pag-aari. 6 Sapagka't ang kadalamhatian ay
hindi lumalabas sa alabok, ni bumubukal man sa lupa
ang kabagabagan; 7 Kundi ang tao ay ipinanganak sa
kabagabagan. Gaya ng alipato na umiilanglang sa itaas.
8 Nguni't sa ganang akin, ay hahanapin ko ang Dios, at
sa Dios ay aking ihahabilin ang aking usap: 9 Na siyang
gumagawa ng mga dakilang bagay at ng mga hindi magunita;
ng mga kamanghamanghang bagay na walang bilang: 10
Na siyang nagbibigay ng ulan sa lupa, at nagpapahatid ng
tubig sa mga bukid; 11 Na anopa't kaniyang iniuupo sa
mataas yaong nangasa mababa; at yaong nagsisitangis ay
itinataas sa katiwasayan. 12 Kaniyang sinasayang ang mga
katha-katha ng mapagkatha, na anopa't hindi maisagawa ng
kanilang mga kamay ang kanilang panukala. 13 Kaniyang
hinuhuli ang pantas sa kanilang sariling katha: at ang payo
ng suwail ay napapariwara. 14 Kanilang nasasalunuan ang
kadiliman sa araw, at nagsisikapa sa katanghaliang tapat
na gaya sa gabi. 15 Nguni't kaniyang inililigtas sa tabak ng
kanilang bibig, sa makatuwid baga'y ang maralita sa kamay
ng malakas. 16 Na anopa't ang dukha ay may pagasa, at
ang kasamaan ay nagtitikom ng kaniyang bibig. 17 Narito,
maginhawa ang tao na sinasaway ng Dios: kaya't huwag
mong waling kabuluhan ang pagsaway ng Makapangyarihan
sa lahat. 18 Sapagka't siya'y sumusugat, at nagtatapal;
siya'y sumusugat, at pinagagaling ng kaniyang mga kamay.
19 Kaniyang ililigtas ka sa anim na kabagabagan. Oo, sa
pito, ay walang kasamaang kikilos sa iyo. 20 Sa kagutom
ay tutubusin ka niya sa kamatayan; at sa pagdidigma ay
sa kapangyarihan ng tabak. 21 Ikaw ay makukubli sa talas
ng dila; na hindi ka man matatakot sa paggiba pagka
dumarating. 22 Sa kagibaan at sa kasalatan ay tatawa ka;
ni hindi ka matatakot sa mga ganid sa lupa. 23 Sapagka't
ikaw ay makakasundo ng mga bato sa parang; at ang mga
ganid sa parang ay makikipagpayapaan sa iyo. 24 At iyong
makikilala na ang iyong tolda ay nasa kapayapaan; at iyong
dadalawin ang iyong kulungan, at walang mawawala na
anoman. 25 Iyo rin namang makikilala na ang iyong binhi
ay magiging dakila, at ang iyong lahi ay gaya ng damo
sa lupa. 26 Ikaw ay darating sa iyong libingan sa lubos
na katandaan. Gaya ng bigkis ng trigo na dumarating sa
kaniyang kapanahunan. 27 Narito, aming siniyasat, at gayon
nga; dinggin mo, at talastasin mo sa iyong ikabubuti.

6 Nang magkagayo'y sumagot si Job at nagsabi, 2 Oh
timbangin nawa ang aking pagkainip, at ang aking
mga kasakunaan ay malagay sa mga timbangan na
magkakasama. 3 Sapagka't ngayo'y magiging lalong mabigat
kay sa buhangin sa mga dagat: kaya't ang aking pananalita ay
napabigla. 4 Sapagka't ang mga palaso ng Makapangyarihan
sa lahat ay nasasaksak sa akin, ang lason niyaon ay hinitit ng
aking diwa; ang mga pangkilabot ng Dios ay nangahahanay
laban sa akin. 5 Umuungal ba ang mailap na asno pag may
damo? O umuungal ba ang baka sa kaniyang pagkain? 6
Makakain ba ng walang asin ang matabang? O mayroon
bang lasa ang puti ng isang itlog? 7 Tinatanggihang hipuin ng
aking kaluluwa; mga karumaldumal na pagkain sa akin. 8 Oh
mangyari nawa ang aking kahilingan; at ipagkaloob nawa sa
akin ng Dios ang bagay na aking minimithi! 9 Sa makatuwid
baga'y kalugdan nawa ng Dios na pisain ako; na bitawan
ang kaniyang kamay, at ihiwalay ako! 10 Kung magkagayo'y
magtataglay pa ako ng kaaliwan; Oo, ako'y makapagbabata
sa mga walang awang sakit; sapagka't hindi ko itinakuwil
ang mga salita ng Banal. 11 Ano ang aking lakas, na ako'y
maghihintay? At ano ang aking wakas na ako'y magtitiis?
12 Ang akin bang tibay ay tibay ng mga bato? O ang akin
bang laman ay tanso? 13 Di ba ako'y walang sukat na
kaya, at ang karunungan ay lumayo sa akin? 14 Siyang
nanglulupaypay ay dapat pagpakitaang loob ng kaniyang
kaibigan; kahit siya na walang takot sa Makapangyarihan
sa lahat. 15 Ang aking mga kapatid ay nagsipagdaya na
parang batis, na parang daan ng mga batis na nababago; 16
Na malabo dahil sa hielo, at siyang kinatunawan ng nieve:
17 Paginit ay nawawala: pagka mainit, ay nangatutunaw
sa kanilang dako. 18 Ang mga pulutong na naglalakbay
sa pagsunod sa mga yaon ay nangaliligaw; nagsisilihis
sa ilang at nawawala. 19 Minasdan ng mga pulutong na
mula sa Tema, hinintay ang mga yaon ng mga pulutong

na mula sa Seba. 20 Sila'y nangapahiya, sapagka't sila'y
nagsiasa; sila'y nagsiparoon at nangatulig. 21 Sapagka't
ngayon, kayo'y nauwi sa wala; kayo'y nangakakakita ng
kakilabutan, at nangatatakot. 22 Sinabi ko baga: Bigyan mo
ako? O, Maghandog ka ng isang kaloob sa akin ng iyong
pag-aari? 23 O, Iligtas mo ako sa kamay ng kaaway? O,
tubusin mo ako sa kamay ng mga namimighati? 24 Turuan
mo ako, at ako'y mamamayapa; at ipaunawa mo sa akin
kung ano ang aking pinagkasalahan. 25 Pagkatindi nga
ng mga salita ng katuwiran! Nguni't anong sinasaway ng
iyong pakikipagtalo? 26 Iniisip ba ninyong sumaway ng mga
salita? Dangang ang mga salita ng walang inaasahan ay
parang hangin. 27 Oo, kayo'y magsasapalaran sa ulila, at
ginawa ninyong kalakal ang inyong kaibigan. 28 Ngayon
nga'y kalugdan mong lingapin ako; sapagka't tunay na hindi
ako magbubulaan sa iyong harap. 29 Kayo'y magsibalik
isinasamo ko sa inyo, huwag magkaroon ng kalikuan; Oo,
kayo'y magsibalik uli, ang aking usap ay matuwid. 30 May di
ganap ba sa aking dila? Hindi ba makapapansin ang aking
pagwawari ng mga suwail na bagay?

**7** Wala bang kapanahunan ng kaguluhan ang tao sa ibabaw
ng lupa? At hindi ba ang kaniyang mga kaarawan ay
gaya ng mga kaarawan ng nagpapaupa? 2 Na gaya ng alipin
na ninanasang mainam ang lilim, at gaya ng nagpapaupa
na tumitingin sa kaniyang mga kaupahan: 3 Gayon ako
pinapagdaan ng mga buwan na walang kabuluhan at
mga gabing nakaiinip ang itinakda sa akin. 4 Pag ako'y
nahihiga, aking sinasabi, kailan ako babangon at nakadaan
na ang gabi? At ako'y puspos ng pagkabalisa hanggang
sa pagbubukang liwayway ng araw. 5 Ang aking laman
ay nabibihisan ng mga uod at ng libag na alabok; ang
aking balat ay namamaga at putok putok. 6 Ang aking
mga kaarawan ay matulin kay sa panghabi ng manghahabi,
at nagugugol na walang pagasa. 7 Oh alalahanin mo na
ang aking buhay ay hinga: Ang aking mata ay hindi na
makakakita pa ng mabuti. 8 Ang matang tumingin sa akin ay
hindi na ako mamamasdan: ang iyong mga mata ay sasa
akin, nguni't wala na ako. 9 Kung paanong ang ulap ay
napapawi at nawawala, gayon siyang bumababa sa Sheol
ay hindi na aahon pa. **(Sheol h7585)** 10 Siya'y hindi na babalik
pa sa kaniyang bahay, ni malalaman pa man niya ang
kaniyang dako. 11 Kaya't hindi ko pipigilin ang aking bibig;
ako'y magsasalita sa kadalamhatian ng aking diwa; ako'y
dadaing sa kahirapan ng aking kaluluwa. 12 Ako ba'y isang
dagat, o isang malaking hayop dagat, na pinababantayan
mo ako sa isang bantay? 13 Pag aking sinasabi, Aaliwin
ako ng aking higaan, papayapain ng aking unan ang aking
karamdaman; 14 Kung magkagayo'y pinupukaw mo ako ng
mga panaginip, at pinangingilabot mo ako sa mga pangitain:
15 Na anopa't pinipili ng aking kaluluwa ang pagkainis, at
ang kamatayan kay sa aking mga butong ito. 16 Aking
kinayayamutan ang aking buhay; di ko na ibig mabuhay
magpakailan man: bayaan akong magisa; sapagka't ang
aking mga kaarawan ay walang kabuluhan. 17 Ano ang
tao, na iyong palalakhin siya, at iyong ilalagak ang iyong
puso sa kaniya, 18 At iyong dadalawin siya tuwing umaga,
at susubukin siya sa tuwi-tuwina? 19 Hanggang kailan di
mo ako iiwan, ni babayaan man hanggang sa aking lunukin
ang aking laway? 20 Kung ako'y nagkasala, ano ang aking
magagawa sa iyo, Oh ikaw na bantay sa mga tao? Bakit
mo nga inilalagay akong pinakatanda sa iyo. Na anopa't
ako'y isang pasan sa aking sarili? 21 At bakit hindi mo
ipinatatawad ang aking pagsalangsang, at inaalis ang aking
kasamaan? Sapagka't ngayo'y mahihiga ako sa alabok; at
ako'y hahanapin mong mainam, nguni't wala na ako.

**8** Nang magkagayo'y sumagot si Bildad na Suhita, at
nagsabi, 2 Hanggang kailan magsasalita ka ng mga
bagay na ito? At hanggang kailan magiging gaya ng
makapangyarihang hangin ang mga salita ng iyong bibig?
3 Nagliliko ba ng kahatulan ang Dios? O nagliliko ba ang
Makapangyarihan sa lahat ng kaganapan? 4 Kung ang iyong
mga anak ay nangagkasala laban sa kaniya, at kaniyang
ibinigay sila sa kamay ng kanilang pagkasalangsang: 5
Kung hanapin mong mainam ang Dios, at iyong pamanhikan
ang Makapangyarihan sa lahat; 6 Kung ikaw ay malinis
at matuwid; walang pagsalang ngayo'y gigising siya dahil
sa iyo. At pasasaganain ang tahanan ng iyong katuwiran.
7 At bagaman ang iyong pasimula ay maliit, gayon ma'y
ang iyong huling wakas ay lalaking mainam. 8 Sapagka't
ikaw ay magsisiyasat, isinasamo ko sa iyo, sa unang
panahon, at pasiyahan mo ang sinaliksik ng kanilang mga
magulang: 9 (Sapagka't tayo'y kahapon lamang, at walang
nalalaman, sapagka't ang ating mga kaarawan sa lupa ay
anino: ) 10 Hindi ka ba nila tuturuan, at sasaysayin sa iyo, at
mangagsasalita ng mga salita mula sa kanilang puso? 11
Makatataas ba ang yantok ng walang putik? Tutubo ba ang
tambo ng walang tubig? 12 Samantalang nasa kasariwaan,
at hindi pinuputol, natutuyong una kay sa alin mang damo.
13 Gayon ang mga landas ng lahat na nagsisilimot sa Dios; at
ang pagasa ng di banal ay mawawala: 14 Na ang kaniyang
pagtitiwala ay mapaparam, at ang kaniyang tiwala ay isang
bahay gagamba. 15 Siya'y sasandal sa kaniyang bahay,
nguni't hindi tatayo; siya'y pipigil na mahigpit dito, nguni't
hindi makapagmamatigas. 16 Siya'y sariwa sa harap ng
araw, at ang kaniyang mga suwi ay sumisibol sa kaniyang
halamanan. 17 Ang kaniyang mga ugat ay nagkakapitan
sa palibot ng bunton, kaniyang minamasdan ang dako ng
mga bato. 18 Kung siya'y magiba sa kaniyang dako, kung

magkagayo'y itatakuwil niya siya, na sinasabi: Hindi kita
nakita. 19 Narito, ito ang kagalakan ng kaniyang lakad,
at mula sa lupa ay sisibol ang mga iba. 20 Narito, hindi
itatakuwil ng Dios ang sakdal na tao, ni aalalayan man niya
ang mga manggagawa ng kasamaan. 21 Kaniya namang
pupunuin ang iyong bibig ng pagtawa, at ang iyong mga labi
ng paghiyaw. 22 Silang nangapopoot sa iyo ay mabibihisan
ng pagkahiya; at ang tolda ng masama ay mawawala.

**9** Nang magkagayo'y sumagot si Job, at nagsabi, 2 Sa
katotohanan ay nalalaman kong ito'y gayon: nguni't
paanong makapaggaganap ang tao sa Dios? 3 Kung kalugdan
niyang makipagtalo sa kaniya, siya'y hindi makasasagot sa
kaniya ng isa sa isang libo. 4 Siya ay pantas sa puso, at may
kaya sa kalakasan: sinong nagmatigas laban sa kaniya at
guminhawa? 5 Na siyang naglilipat ng mga bundok, at hindi
nila nalalaman, pagka nililiglig niya sa kaniyang pagkagalit. 6
Na siyang umuuga ng lupa sa kaniyang kinaroroonan, at ang
mga haligi nito ay nangayayanig. 7 Na siyang naguutos sa
araw, at hindi sumisikat; at nagtatakda sa mga bituin. 8 Na
nagiisang inuunat ang langit, at tumutungtong sa mga alon ng
dagat. 9 Na lumikha sa Oso, sa Orion, at sa mga Pleyade, at
sa mga silid ng timugan. 10 Na gumagawa ng mga dakilang
bagay na di masayod; Oo, mga kamanghamanghang bagay
na walang bilang. 11 Narito, siya'y dumaraan sa siping ko, at
hindi ko siya nakikita: siya'y nagpapatuloy rin naman, nguni't
hindi ko siya namamataan. 12 Narito, siya'y nangangagaw
sinong makasasansala sa kaniya? Sinong magsasabi sa
kaniya: Anong ginagawa mo? 13 Hindi iuurong ng Dios
ang kaniyang galit; ang mga manunulong sa Rahab ay
nagsisiyukod sa ilalim niya. 14 Gaano pa nga kaya kaliit ang
maisasagot ko sa kaniya, at mapipiling aking mga salita na
maimamatuwid ko sa kaniya? 15 Na kahiman ako'y matuwid,
gayon may hindi ako sasagot sa kaniya; ako'y mamamanhik
sa aking hukom. 16 Kung ako'y tumawag, at siya'y sumagot
sa akin; gayon ma'y hindi ako maniniwala na kaniyang
dininig ang aking tinig. 17 Sapagka't ako'y ginigiba niya sa
pamamagitan ng isang bagyo, at pinararami ang aking mga
sugat ng walang kadahilanan. 18 Hindi niya ako tutulutang
ako'y huminga, nguni't nililipos niya ako ng hirap. 19 Kung
kami ay magsalita tungkol sa kalakasan, narito, siya'y may
kapangyarihan! At kung sa kahatulan, sino, sinasabi niya ay
magtatakda sa akin ng panahon? 20 Kahiman ako'y matuwid,
ang aking sariling bibig ay hahatol sa akin: kahiman ako'y
sakdal patototohanan niya akong masama. 21 Ako'y sakdal;
hindi ko talos ang aking sarili; aking niwalang kabuluhan
ang aking buhay. 22 Lahat ay isa; kaya't aking sinasabi:
kaniyang ginigiba ang sakdal at ang masama. 23 Kung ang
panghampas ay pumapatay na bigla, tatawanan niya ang
paglilitis sa mga walang sala. 24 Ang lupa ay nabigay sa
kamay ng masama: kaniyang tinatakpan ang mga mukha ng
mga hukom nito; kung hindi siya, sino nga? 25 Ngayo'y ang
mga kaarawan ko ay matulin kay sa isang sugo: dumadaang
matulin, walang nakikitang mabuti. 26 Sila'y nagsisidaang
parang mga matuling sasakyan: parang agila na dumadagit
ng huli. 27 Kung aking sabihin: Aking kalilimutan ang aking
daing, aking papawiin ang aking malungkot na mukha, at
magpapakasaya ako: 28 Ako'y natatakot sa lahat kong
kapanglawan, talastas ko na hindi mo aariin akong walang
sala. 29 Ako'y mahahatulan; bakit nga ako gagawa ng
walang kabuluhan? 30 Kung ako'y maligo ng nieveng tubig,
at gawin ko ang aking mga kamay na napakalinis; 31 Gayon
ma'y itutulak mo ako sa hukay, at kayayamutan ako ng
aking mga sariling kasuutan. 32 Sapagka't siya'y hindi tao,
na gaya ko, na sasagot ako sa kaniya, na tayo'y pumasok
kapuwa sa kahatulan, 33 Walang hukom sa pagitan natin,
na makapaglagay ng kaniyang kamay sa ating dalawa.
34 Ihiwalay niya sa akin ang kaniyang tungkod, at huwag
akong takutin ng kaniyang pangilabot: 35 Kung magkagayo'y
magsasalita ako, at hindi matatakot sa kaniya; sapagka't
hindi gayon ako sa aking sarili.

**10** Ang aking kaluluwa ay nalulunos sa aking buhay;
aking palalayain ang aking daing; ako'y magsasalita
sa kapaitan ng aking kaluluwa. 2 Sasabihin ko sa Dios:
Huwag mo akong hatulan; ipakilala mo sa akin kung bakit
nakikipagtalo ka sa akin. 3 Mabuti ba sa iyo na ikaw ay
mamighati, na iyong itakuwil ang gawa ng iyong mga kaaway,
at iyong pasilangin ang payo ng masama? 4 Ikaw ba'y
may mga matang laman, o nakakakita ka bang gaya ng
pagkakita ng tao? 5 Ang iyo bang mga kaarawan ay gaya
ng mga kaarawan ng tao, o ang iyong mga taon ay gaya
ng mga kaarawan ng tao, 6 Upang ikaw ay magsiyasat
ng aking kasamaan, at magusisa ng aking kasalanan,
7 Bagaman iyong nalalaman na ako'y hindi masama; at
walang makapagliligtas sa iyong kamay? 8 Ang iyong
mga kamay ang siyang lumalang at nagbigay anyo sa
akin sa buong palibot; gayon ma'y pinahihirapan mo ako.
9 Iyong alalahanin, isinasamo ko sa iyo, na ako'y iyong
binigyang anyo na gaya ng putik; at iuuwi mo ba ako uli sa
pagkaalabok? 10 Hindi mo ba ako ibinuhos na parang gatas,
at binuo mo akong parang keso? 11 Ako'y binihisan mo ng
balat at laman, at sinugpong mo ako ng mga buto at mga
litid. 12 Ako'y pinagkalooban mo ng buhay at kagandahang-
loob, at pinamalagi ang aking diwa ng iyong pagdalaw. 13
Gayon ma'y ang mga bagay na ito ay iyong ikinubli sa iyong
puso; talastas ko na ito'y sa iyo: 14 Kung ako'y magkasala,
iyo nga akong tinatandaan, at hindi mo ako patatawarin sa
aking kasamaan. 15 Kung ako'y maging masama, sa aba
ko; at kung ako'y maging matuwid, hindi ko man itataas ang

aking ulo; yamang puspos ng kakutyaan, at ng pagmamasid
niring kadalamhatian. 16 At kung ang aking ulo ay mataas,
iyong hinuhuli akong parang leon: at napakikita ka uling
kagilagilalas sa akin. 17 Iyong binababago ang iyong mga
pagsaksi laban sa akin, at dinaragdagan mo ang iyong galit
sa akin; paninibago at pakikipagbaka ang sumasaakin. 18
Bakit mo nga ako inilabas mula sa bahay-bata? Napatid
sana ang aking hininga, at wala nang matang nakakita pa sa
akin. 19 Ako sana'y naging parang hindi nabuhay; nadala
sana ako mula sa bahay-bata hanggang sa libingan, 20
Hindi ba kaunti ang aking mga araw? paglikatin mo nga, at
ako'y iyong bayaan, upang ako'y maginhawahan ng kaunti,
21 Bago ako manaw doon na hindi ako babalik, sa lupain
ng kadiliman at ng lilim ng kamatayan; 22 Ang lupain na
dilim, na gaya ng salimuot na kadiliman; lupain ng lilim
ng kamatayan, na walang anomang ayos, at doon sa ang
liwanag ay gaya ng salimuot na kadiliman.

**11** Nang magkagayo'y sumagot si Sophar na Naamathita,
at nagsabi, 2 Hindi ba sasagutin ang karamihan ng
mga salita? At ang lalaking masalita ay aariing ganap? 3
Pamamayapain ba ang mga tao ng iyong mga paghahambog.
At kung ikaw ay nanunuya, wala bang hihiya sa iyo? 4
Sapagka't iyong sinasabi, Ang aking aral ay dalisay, at ako'y
malinis sa iyong mga mata. 5 Nguni't Oh ang Dios nawa'y
magsalita, at bukhin ang kaniyang mga labi laban sa iyo;
6 At ipakilala nawa sa iyo ang mga lihim ng karunungan,
pagka't siya ay masagana sa pagkaunawa. Talastasin mo
nga na nilalapatan ka ng Dios ng kulang kay sa nauukol sa
iyong kasamaan. 7 Masusumpungan mo ba ang Dios sa
pagsaliksik? Masusumpungan mo ba sa kasakdalan ang
Makapangyarihan sa lahat? 8 Mataas na gaya ng langit;
anong iyong magagawa? Malalim kay sa Sheol: anong
iyong malalaman? (Sheol h7585) 9 Ang sukat niyao'y mahaba
kay sa lupa. At maluwang kay sa dagat. 10 Kung siya'y
dumaan at magsara, at tumawag sa kahatulan, sino ngang
makapipigil sa kaniya? 11 Sapagka't nakikilala niya ang
mga walang kabuluhang tao: Nakikita rin naman niya ang
kasamaan, bagaman hindi niya pinapansin. 12 Nguni't ang
walang kabuluhang tao ay walang unawa, Oo, ang tao ay
ipinanganak na gaya ng anak ng mabangis na asno. 13 Kung
iyong ihahanda ang iyong puso, at iuunat mo ang iyong
kamay sa kaniya; 14 Kung ang kasamaan ay sumaiyong
kamay, ilayo mo, at huwag manahan ang kalikuan sa iyong
mga tolda; 15 Walang pagsala ngang iyong itataas ang iyong
mukha na walang kapintasan; Oo, ikaw ay matatatag, at
hindi matatakot: 16 Sapagka't iyong malilimutan ang iyong
karalitaan; iyong aalalahaning parang tubig na umaagos: 17
At ang iyong buhay ay magiging lalong maliwanag kay sa
katanghaliang tapat; bagaman magkaroon ng kadiliman,
ay magiging gaya ng umaga. 18 At ikaw ay matitiwasay
sapagka't may pagasa; Oo, ikaw ay magsiyasat sa palibot
mo, at magpapahinga kang tiwasay. 19 Ikaw nama'y hihiga
at walang tatakot sa iyo; Oo, maraming liligaw sa iyo. 20
Nguni't ang mga mata ng masama ay mangangalumata,
at mawawalan sila ng daang tatakasan, at ang kanilang
pagasa ay pagkalagot ng hininga.

**12** Nang magkagayo'y sumagot si Job; at nagsabi, 2
Walang pagaalinlangan na kayo ang bayan, At ang
karunungan ay mamamatay na kasama ninyo. 3 Nguni't
ako'y may pagkaunawang gaya ninyo: Hindi ako huli sa
inyo: Oo, sinong hindi nakaalam ng mga bagay na gaya
nito? 4 Ako'y gaya ng tinatawanan ng kaniyang kapuwa,
ako na tumawag sa Dios, at sinagot niya: Ang ganap, ang
taong sakdal ay tinatawanan. 5 Sa pagiisip niyaong nasa
katiwasayan ay may pagkakutya sa ikasasawi; nahahanda sa
mga iyan yaong nangadudulas ang paa. 6 Ang mga tolda ng
mga tulisan ay gumiginhawa, at silang nangagmumungkahi
sa Dios ay tiwasay; na ang kamay ay pinadadalhan ng Dios
ng sagana. 7 Nguni't tanungin mo ngayon ang mga hayop,
at tuturuan ka nila: at ang mga ibon sa himpapawid, at
kanilang sasaysayin sa iyo: 8 O magsalita ka sa lupa, at
magtuturo sa iyo; at ang mga isda sa dagat ay magsasaysay
sa iyo. 9 Sinong hindi nakakaalam sa lahat ng mga ito, na
ang kamay ng Panginoon ang siyang gumawa nito? 10
Nasa kamay niya ang kaluluwa ng bawa't bagay na may
buhay, at ang hininga ng lahat ng mga tao. 11 Hindi ba
lumilitis ng mga salita ang pakinig; gaya ng ngalangala
na lumalasa ng pagkain niya? 12 Nasa mga matanda
ang karunungan, at sa kagulangan ang unawa. 13 Nasa
Dios ang karunungan at kakayahan; kaniya ang payo at
pagkaunawa. 14 Narito, siya'y nagbabagsak at hindi maitayo
uli; siya'y kumulong ng tao at hindi mapagbubuksan. 15
Narito, kaniyang pinipigil ang tubig at nangatutuyo; muli,
kaniyang binibitawan sila at ginugulo nila ang lupa. 16 Nasa
kaniya ang kalakasan at ang karunungan, ang nadadaya at
ang magdaraya ay kaniya. 17 Kaniyang pinalalakad ang
mga kasangguni na hubad sa bait, at ginagawa niyang
mga mangmang ang mga hukom. 18 Kaniyang kinakalag
ang panali ng mga hari, at binibigkisan ang kanilang mga
baywang ng pamigkis. 19 Kaniyang pinalalakad na hubad sa
bait ang mga saserdote. 20 Kaniyang pinapagbabago ang
pananalita ng napagtitiwalaan. At inaalis ang pagkaunawa
ng mga matanda. 21 Siya'y nagbubuhos ng kutya sa mga
pangulo, at kinakalag ang pamigkis ng malakas. 22 Siya'y
naglilitaw ng mga malalim na bagay mula sa kadiliman, at
inilalabas sa liwanag ang lihim ng kamatayan. 23 Kaniyang
pinararami ang mga bansa at mga nililipol niya: kaniyang
pinalaki ang mga bansa, at mga dinala sa pagkabihag. 24

Kaniyang inaalis ang pangunawa mula sa mga pinuno ng
bayan sa lupa, at kaniyang pinagagala sila sa ilang na doo'y
walang lansangan. 25 Sila'y nagsisikapa sa dilim na walang
liwanag, at kaniyang pinagigiraygiray sila na gaya ng lango.

**13** Narito, nakita ang lahat na ito ng aking mata,
ang aking tainga ay nakarinig at nakaunawa. 2
Kung ano ang iyong nalalaman, ay nalalaman ko rin
naman: hindi ako huli sa inyo. 3 Walang pagsalang ako'y
magsasalita sa Makapangyarihan sa lahat, at nagnanasa
akong makipagmatuwiranan sa Dios. 4 Nguni't kayo'y
mapagkatha ng mga kabulaanan. Kayong lahat ay mga
manggagamot na walang kabuluhan. 5 Mano nawa ay
magsitahimik kayong lahat! At magiging inyong karunungan.
6 Dinggin ninyo ngayon ang aking pangangatuwiran, at
inyong dinggin ang mga pagsasanggalang ng aking mga
labi. 7 Kayo ba'y mangagsasalita ng kalikuan dahil sa Dios,
at mangungusap ng karayaan dahil sa kaniya? 8 Inyo bang
lilingapin ang kaniyang pagka Dios? Inyo bang ipakikipagtalo
ang Dios? 9 Mabuti ba na kayo'y siyasatin niya? O kung
paanong dinadaya ang isang tao ay inyo bang dadayain
siya? 10 Walang pagsalang sasawayin niya kayo, kung lihim
na kayo'y tatangi ng pagkatao. 11 Hindi ba kayo tatakutin ng
kaniyang karilagan, at ang gulat sa kaniya ay sasa inyo?
12 Ang inyong mga alaalang sabi ay kawikaang abo, ang
inyong mga pagsasanggalang ay mga pagsasanggalang na
putik. 13 Magsitahimik kayo, bayaan ninyo ako, na ako'y
makapagsalita, at paratingin sa akin ang darating. 14 Bakit
kakagatin ng aking mga ngipin ang aking laman, at aking
ilalagay ang aking buhay sa aking kamay? 15 Bagaman
ako'y patayin niya, akin ding hihintayin siya: gayon ma'y
aking aalalayan ang aking mga lakad sa harap niya. 16
Ito man ay magiging aking kaligtasan; sapagka't ang isang
di banal ay hindi makahaharap sa kaniya. 17 Pakinggan
ninyong masikap ang aking pananalita, at ang aking pahayag
ay sumainyong mga pakinig. 18 Narito, ngayon, aking inayos
ang aking usap; talastas ko na ako'y matuwid. 19 Sino
ang makikipagtalo sa akin? Sapagka't ngayo'y tatahimik
ako at malalagot ang aking hininga. 20 Dalawang bagay
lamang ang huwag mong gawin sa akin, kung magkagayo'y
hindi ako magkukubli sa iyong mukha: 21 Iurong mo ng
malayo ang iyong kamay sa akin; at huwag akong takutin ng
pangingilabot sa iyo. 22 Kung magkagayo'y tumawag ka, at
ako'y sasagot; o papagsalitain mo ako, at sumagot ka sa
akin. 23 Ilan ang aking mga kasamaan at mga kasalanan?
Ipakilala mo sa akin ang aking pagsalangsang at ang aking
kasalanan. 24 Bakit ikinukubli mo ang iyong mukha, at inaari
mo akong iyong kaaway? 25 Iyo bang pangingilabutin ang
isang dahong pinapaspas ng hangin? At iyo bang hahabulin
ang dayaming tuyo? 26 Sapagka't ikaw ay sumusulat ng
mga mabigat na bagay laban sa akin, at ipinamamana mo
sa akin ang mga kasamaan ng aking kabataan: 27 Iyo ring
inilalagay ang aking mga paa sa pangawan, at pinupuna mo
ang lahat kong landas: ikaw ay gumuguhit ng isang guhit sa
palibot ng mga talampakan ng aking mga paa: 28 Bagaman
ako'y parang bagay na bulok na natutunaw, na parang damit
na kinain ng tanga.

**14** Taong ipinanganak ng babae ay sa kaunting araw, at
lipos ng kabagabagan. 2 Siya'y umuusli na gaya ng
bulaklak, at nalalagas: siya rin nama'y tumatakas na gaya ng
anino, at hindi namamalagi. 3 At iyo bang idinidilat ang iyong
mga mata sa isang gaya nito, at ipinagsasama mo ako upang
hatulan mo? 4 Sinong makakakuha ng malinis na bagay sa
marumi? wala. 5 Yayamang ang kaniyang mga kaarawan
ay nangapasiyahan, ang bilang ng kaniyang mga buwan
ay talastas mo, at iyong hinanggahan ang kaniyang mga
hangganan upang huwag siyang makaraan; 6 Ilayo mo sa
kaniya ang iyong paningin, upang siya'y makapagpahinga,
hanggang sa maganap niya, na gaya ng isang magpapaupa,
ang kaniyang araw. 7 Sapagka't may pagasa sa isang
punong kahoy, na kung ito'y putulin, ay sisibol uli, at ang
sariwang sanga niyaon ay hindi maglilikat. 8 Bagaman ang
kaniyang ugat ay tumanda sa lupa, at ang puno niyao'y
mamatay sa lupa; 9 Gayon ma'y sa pamamagitan ng amoy
ng tubig ay sisibol, at magsasanga na gaya ng pananim.
10 Nguni't ang tao ay namamatay at natutunaw; Oo, ang
tao ay nalalagutan ng hininga, at saan nandoon siya?
11 Kung paanong ang tubig ay lumalabas sa dagat, at
ang ilog ay humuhupa at natutuyo; 12 Gayon ang tao ay
nabubuwal at hindi na bumabangon: hanggang sa ang langit
ay mawala, sila'y hindi magsisibangon, ni mangagigising
man sa kanilang pagkakatulog. 13 Oh ikubli mo nawa ako
sa Sheol. Na ingatan mo nawa akong lihim hanggang sa
ang iyong poot ay makaraan, na takdaan mo nawa ako ng
takdang panahon, at iyong alalahanin ako! **(Sheol h7585)** 14
Kung ang isang tao ay mamatay, mabubuhay pa ba siya?
Lahat ng araw ng aking pakikipagbaka ay maghihintay ako,
hanggang sa dumating ang pagbabago. 15 Ikaw ay tatawag,
at ako'y sasagot sa iyo: ikaw ay magtataglay ng nasa sa
gawa ng iyong mga kamay. 16 Nguni't ngayo'y binibilang mo
ang aking mga hakbang: hindi mo ba pinapansin ang aking
kasalanan? 17 Ang aking pagsalangsang ay natatatakan sa
isang supot, at iyong inilalapat ang aking kasamaan. 18 At
tunay na ang bundok na natitibag, ay nawawala, at ang bato
ay napababago mula sa kinaroroonan niyaon; 19 Inuukit
ng tubig ang mga bato; tinatangay ng mga baha niyaon
ang alabok ng lupa: sa gayon iyong sinisira ang pagasa
ng tao. 20 Ikaw ay nananaig kailan man laban sa kaniya
at siya'y pumapanaw; iyong pinapagbabago ang kaniyang

mukha, at iyong pinayayaon siya. 21 Ang kaniyang mga
anak ay nagtataglay ng karangalan, at hindi niya nalalaman;
at sila'y ibinababa, nguni't hindi niya nahahalata sila. 22
Nguni't ang kaniyang laman sa kaniya ay masakit, at ang
kaniyang kaluluwa sa loob niya ay namamanglaw.

**15** Nang magkagayo'y sumagot si Eliphaz na Temanita,
at nagsabi, 2 Sasagot ba ang isang pantas ng walang
kabuluhang kaalaman, at pupunuin ang kaniyang tiyan ng
hanging silanganan? 3 Makikipagmatuwiranan ba siya ng
walang kapakinabangang pangungusap, o ng mga salita na
hindi niya ikagagawa ng mabuti? 4 Oo, ikaw ay nagaalis ng
katakutan, at iyong pinipigil ang dalangin sa harap ng Dios.
5 Sapagka't ang iyong kasamaan ang nagtuturo sa iyong
bibig, at iyong pinipili ang dila ng mapagkatha. 6 Ang iyong
sariling bibig ang humahatol laban sa iyo, at hindi ako; Oo,
ang iyong sariling mga labi ay nagpapatotoo laban sa iyo.
7 Ikaw ba ang unang tao na ipinanganak? O nalabas ka
bang una kay sa mga burol? 8 Iyo bang narinig ang lihim
na payo ng Dios? At ikaw ba'y nagpigil ng karunungan sa
iyong sarili? 9 Anong nalalaman mo na di namin nalalaman?
Anong nauunawa mo na wala sa amin? 10 Kasama namin
ay mga ulong may uban, at mga totoong napakatandang
tao, matandang makapupo kay sa iyong ama. 11 Ang mga
pagaliw ba ng Dios ay totoong kaunti pa sa ganang iyo, sa
makatuwid baga'y ang salitang napakabuti sa iyo? 12 Bakit
ka napadadala sa iyong puso? At bakit kumikindat ang iyong
mga mata? 13 Na tinatalikdan mo ng iyong diwa ang Dios,
at binibigkas mo ang ganyang mga salita sa iyong bibig. 14
Ano ang tao upang maging malinis? At siyang ipinanganak
ng babae, upang siya'y maging matuwid? 15 Narito, siya'y
hindi naglalagak ng tiwala sa kaniyang mga banal; Oo, ang
langit ay hindi malinis sa kaniyang paningin. 16 Gaano pa
nga kaliit ang karumaldumal at hamak, ang taong umiinom
ng kasamaan na parang tubig! 17 Ipakikilala ko sa iyo,
dinggin mo ako; at ang aking nakita ay aking ipahahayag: 18
(Ang isinaysay ng mga pantas na mula sa kanilang mga
magulang, at hindi inilingid; 19 Sa mga yaon lamang ibinigay
ang lupain, at walang taga ibang lupa na dumaan sa gitna
nila: ) 20 Ang masamang tao ay nagdaramdam ng sakit
lahat ng kaniyang araw, sa makatuwid baga'y ang bilang ng
mga taon na itinakda sa mamimighati. 21 Ang hugong ng
kakilabutan ay nasa kaniyang mga pakinig; sa kaginhawahan
ay daratnan siya ng mga mananamsam: 22 Siya'y hindi
naniniwala na babalik siya na mula sa kadiliman, at siya'y
hinihintay ng tabak: 23 Siya'y gumagala dahil sa tinapay, na
nagsasabi: Nasaan? Kaniyang nalalaman na ang araw ng
kadiliman ay handa sa kaniyang kamay: 24 Kapanglawan at
kadalamhatian ay tumatakot sa kaniya: nangananaig laban
sa kaniya, na gaya ng isang hari na handa sa pakikipagbaka;
25 Sapagka't iniuunat niya ang kaniyang kamay laban sa
Dios. At nagpapalalo laban sa Makapangyarihan sa lahat;
26 Tinatakbo niya siya na may mapagmatigas na leeg,
sa kakapalan ng kaniyang mga kalasag; 27 Sapagka't
tinakpan niya ang kaniyang mukha ng kaniyang katabaan at
nagpangulubot ng kaniyang mga pigi; 28 At siya'y tumahan
sa mga sirang bayan, sa mga bahay na walang taong
tumatahan, na madaling magiging mga bunton. 29 Hindi siya
yayaman, o mamamalagi man ang kaniyang pag-aari. Ni di
lalawak sa lupa ang kaniyang mga tinatangkilik. 30 Siya'y
hindi hihiwalay sa kadiliman; tutuyuin ng liyab ang kaniyang
mga sanga, at sa pamamagitan ng hininga ng bibig ng Dios
ay papanaw siya. 31 Huwag siyang tumiwala sa kalayawan
na dayain ang sarili: sapagka't kalayawan ang magiging
kagantihan sa kaniya. 32 Magaganap ito bago dumating ang
kaniyang kapanahunan, at ang kaniyang sanga ay hindi
mananariwa. 33 Lalagasin niya ang kaniyang mga hilaw na
ubas na gaya ng puno ng ubas, at lalagasin ang kaniyang
bulaklak na gaya ng olibo. 34 Sapagka't ang pulutong ng
mga di banal ay hindi lalago, at susupukin ng apoy ang mga
toldang suhulan. 35 Sila'y nag-iisip ng pagapi at naglalabas
ng kasamaan, at ang kanilang kalooban ay naghahanda ng
pagdaraya.

**16** Nang magkagayo'y sumagot si Job, at nagsabi,
2 Ako'y nakarinig ng maraming ganyang bagay:
maralitang mga mangaaliw kayong lahat. 3 Magkakawakas
ba ang mga walang kabuluhang salita? O anong
naguudyok sa iyo, na ikaw ay sumagot? 4 Ako nama'y
makapangungusap na gaya ng inyong ginagawa; kung ang
inyong kaluluwa ay nasa kalagayan ng aking kaluluwa,
ako'y makapagdudugtongdugtong ng salita laban sa inyo,
at maigagalaw ang aking ulo sa inyo. 5 Nguni't aking
palalakasin kayo ng aking bibig, at ang pagaliw ng aking
mga labi ay magpapalikat ng inyong hirap, 6 Bagaman ako'y
nagsasalita, ang aking hirap ay hindi naglilikat: at bagaman
ako'y tumatahimik, anong ikinalalayo sa akin? 7 Nguni't
ngayo'y niyamot niya ako: nilansag mo ang aking buong
pulutong. 8 At ako'y pinagdalamhati mo, na siyang saksi
laban sa akin; at ang aking kapayatan ay bumabangon
laban sa akin, nagpapatotoo sa aking mukha. 9 Niluray niya
ako sa kaniyang kapootan, at inusig ako; pinagngangalitan
niya ako ng kaniyang mga ngipin: pinangdidilatan ako ng
mga mata ng aking kaaway. 10 Kanilang pinagbubukahan
ako ng kanilang bibig: kanilang sinampal ako sa mukha na
kahiyahiya: sila'y nagpipisan laban sa akin. 11 Ibinibigay ako
ng Dios sa di banal, at inihahagis niya ako sa mga kamay
ng masama. 12 Ako'y nasa kaginhawahan at kaniyang
niligalig akong mainam; Oo, sinunggaban niya ako sa leeg,
at pinagwaraywaray niya ako: inilagay naman niya akong

pinakatanda niya. 13 Kinubkob ako sa palibot ng kaniyang
mga mamamana, kaniyang sinaksak ang aking mga bato, at
hindi nagpapatawad; kaniyang ibinubuhos ang aking apdo
sa lupa. 14 Kaniyang binubugbog ako ng bugbog at bugbog;
siya'y gaya ng isang higanti na dinadaluhong niya ako. 15
Ako'y nanahi ng kayong magaspang sa aking katawan, at
aking inilugmok ang aking kapalaluan sa alabok. 16 Ang
aking mukha ay namamaga sa pagiyak, at nasa aking mga
pilik-mata ang anino ng kamatayan; 17 Bagaman walang
karahasan sa aking mga kamay, at ang aking dalangin
ay malinis, 18 Oh lupa, huwag mong tabunan ang aking
dugo, at huwag magkaroon ng pahingahang dako ang aking
daing. 19 Kahit na ngayon, narito, ang aking saksi ay nasa
langit, at siyang nananagot sa akin ay nasa kaitaasan. 20
Ginagalit ako ng aking mga kaibigan: nguni't ang aking mata
ay nagbubuhos ng mga luha sa Dios; 21 Upang kaniyang
alalayan ang katuwiran ng tao sa Dios; at ang anak ng tao
sa kaniyang kapuwa. 22 Sapagka't pagsapit ng ilang taon,
ako'y papanaw sa daan na hindi ko pagbabalikan.

**17** Ang aking diwa ay nanglulumo, ang aking mga
kaarawan ay natatapos, ang libingan ay handa sa
akin. 2 Tunay na may mga manunuya na kasama ako, at
ang aking mata ay nananahan sa kanilang pamumungkahi.
3 Magbigay ka ngayon ng sangla, panagutan mo ako ng
iyong sarili; sinong magbubuhat ng mga kamay sa akin? 4
Sapagka't iyong ikinubli ang kanilang puso sa pagunawa:
kaya't hindi mo sila itataas. 5 Ang paglililo sa kaniyang mga
kaibigan upang mahuli, ang mga mata nga ng kaniyang mga
anak ay mangangalumata. 6 Nguni't ginawa rin niya akong
kakutyaan ng bayan: at niluraan nila ako sa mukha. 7 Ang
aking mata naman ay nanglalabo dahil sa kapanglawan. At
ang madlang sangkap ko ay parang isang anino. 8 Mga
matuwid na tao ay matitigilan nito, at ang walang sala ay
babangon laban sa di banal. 9 Gayon ma'y magpapatuloy
ang matuwid ng kaniyang lakad, at ang may malinis na
mga kamay ay lalakas ng lalakas. 10 Nguni't tungkol sa
inyong lahat, magsiparito kayo ngayon uli; at hindi ako
makakasumpong ng isang pantas sa gitna ninyo. 11 Ang
aking mga kaarawan ay lumipas, ang aking mga panukala
ay nangasira, sa makatuwid baga'y ang mga akala ng aking
puso. 12 Kanilang ipinalit ang araw sa gabi: ang liwanag,
wika nila, ay malapit sa kadiliman. 13 Kung aking hanapin
ang Sheol na parang aking bahay; kung aking ilatag ang
aking higaan sa kadiliman: **(Sheol h7585)** 14 Kung sinabi ko sa
kapahamakan: ikaw ay aking ama: sa uod: ikaw ay aking
ina, at aking kapatid na babae; 15 Nasaan nga ang aking
pagasa? At tungkol sa aking pagasa, sinong makakakita?
16 Lulusong sa mga pangawan ng Sheol, pagtataglay ng
kapahingahan sa alabok. **(Sheol h7585)**

**18** Nang magkagayo'y sumagot si Bildad na Suhita, at
nagsabi, 2 Hanggang kailan manghuhuli kayo ng mga
salita? Inyong bulayin, at pagkatapos ay magsasalita kami.
3 Bakit kami nangabibilang na parang mga hayop, at naging
marumi sa iyong paningin? 4 Ikaw na nagpapakabagbag
sa iyong galit, pababayaan ba ang lupa dahil sa iyo? O
babaguhin ba ang bato mula sa kinaroroonan? 5 Oo, ang
ilaw ng masama ay papatayin, at ang liyab ng kaniyang apoy
ay hindi liliwanag. 6 Ang ilaw ay magdidilim sa kaniyang
tolda, at ang kaniyang ilawan sa itaas niya ay papatayin. 7
Ang mga hakbang ng kaniyang kalakasan ay mapipigil, at
ang kaniyang sariling payo ang magbabagsak sa kaniya. 8
Sapagka't siya'y inihagis sa lambat ng kaniyang sariling mga
paa, at siya'y lumalakad sa mga silo. 9 Isang panghuli ang
huhuli sa kaniya sa mga sakong. At isang silo ay huhuli
sa kaniya. 10 Ang panali ay nakakubli ukol sa kaniya sa
lupa, at isang patibong na ukol sa kaniya ay nasa daan. 11
Mga kakilabutan ay tatakot sa kaniya sa lahat ng dako, at
hahabol sa kaniya sa kaniyang mga sakong. 12 Ang kaniyang
kalakasan ay manglalata sa gutom, at ang kapahamakan ay
mahahanda sa kaniyang tagiliran. 13 Susupukin ang mga
sangkap ng kaniyang katawan, Oo, lalamunin ng panganay
ng kamatayan ang kaniyang mga sangkap. 14 Siya'y ilalabas
sa kaniyang tolda na kaniyang tinitiwalaan; at siya'y dadalhin
sa hari ng mga kakilabutan. 15 Tatahan sa kaniyang tolda
yaong di niya kaanoano: azufre ay makakalat sa kaniyang
tahanan. 16 Ang kaniyang mga ugat ay mangatutuyo sa
ilalim, at sa ibabaw ay puputulin ang kaniyang sanga. 17 Ang
alaala sa kaniya ay mawawala sa lupa, at siya'y mawawalan
ng pangalan sa lansangan. 18 Siya'y ihahatid sa kadiliman
mula sa liwanag, at itatapon sa labas ng sanglibutan. 19
Siya'y hindi magkakaroon kahit anak, ni anak man ng anak
sa gitna ng kaniyang bayan, ni anomang nalabi sa kaniyang
pinakipamayanan. 20 Silang nagsisidating pagkatapos ay
mangatitigilan sa kaniyang kaarawan, gaya ng nangauna na
nangatakot. 21 Tunay na ganyan ang mga tahanan ng mga
liko, at ito ang kalalagyan niya na hindi nakakakilala sa Dios.

**19** Nang magkagayo'y sumagot si Job, at nagsabi, 2
Hanggang kailan pahihirapan ninyo ang aking kaluluwa,
at babagabagin ako ng mga salita? 3 Ng makasangpung
ito ay pinulaan ninyo ako: kayo'y hindi nangapapahiya na
nangagpapahirap sa akin. 4 At kahima't ako'y magkamali,
ang aking kamalian ay maiwan sa aking sarili. 5 Kung tunay
na kayo'y magpapakalaki laban sa akin, at ipakikipagtalo
laban sa akin ang kakutyaan ko: 6 Talastasin ninyo ngayon
na inilugmok ako ng Dios, at inikid ako ng kaniyang silo.
7 Narito, ako'y humihiyaw dahil sa kamalian, nguni't hindi
ako dinidinig; ako'y humihiyaw ng tulong, nguni't walang
kahatulan. 8 Kaniyang pinadiran ang aking daan upang

huwag akong makaraan, at naglagay ng kadiliman sa aking
mga landas. 9 Hinubaran niya ako ng aking kaluwalhatian,
at inalis ang putong sa aking ulo. 10 Kaniyang inilugmok
ako sa bawa't dako, at ako'y nananaw: at ang aking pagasa
ay binunot niyang parang punong kahoy. 11 Kaniya rin
namang pinapagalab ang kaniyang pagiinit laban sa akin, at
ibinilang niya ako sa kaniya na gaya ng isa sa kaniyang
mga kaaway, 12 Ang kaniyang mga hukbo ay dumarating na
magkakasama, at ipinagpatuloy ang kanilang lakad laban sa
akin, at kinubkob ang palibot ng aking tolda. 13 Inilayo niya
ang aking mga kapatid sa akin, at ang aking mga kakilala ay
pawang nangiba sa akin. 14 Ang aking mga kamaganak ay
nangagsilayo, at nilimot ako ng aking mga kasamasamang
kaibigan. 15 Silang nagsisitahan sa aking bahay, at ang aking
mga lingkod na babae, ay ibinibilang akong manunuluyan;
ako'y naging kaiba sa kanilang paningin. 16 Aking tinatawag
ang aking lingkod, at hindi ako sinasagot, bagaman sinasamo
ko siya ng aking bibig. 17 Ang aking hininga ay iba sa aking
asawa, at ang aking pamanhik sa mga anak ng tunay kong
ina. 18 Pati ng mga bata ay humahamak sa akin; kung
ako'y bumangon, sila'y nangagsasalita ng laban sa akin:
19 Lahat ng aking mahal na kaibigan ay nangayayamot sa
akin: at ang aking minamahal ay nagsipihit ng laban sa
akin, 20 Ang aking buto ay dumidikit sa aking balat at sa
aking laman, at ako'y nakatanan ng sukat sa balat ng aking
mga ngipin. 21 Mahabag kayo sa akin, mahabag kayo sa
akin, Oh kayong mga kaibigan ko; sapagka't kinilos ako
ng kamay ng Dios, 22 Bakit ninyo ako inuusig na gaya
ng Dios. At hindi pa kayo nasisiyahan sa akin laman? 23
Oh mangasulat nawa ngayon ang aking mga salita! Oh
mangalagda nawa sa isang aklat! 24 Ng isa nawang panulat
na bakal at tingga, na mangaukit nawa sa bato magpakailan
man! 25 Nguni't talastas ko na manunubos sa akin ay buhay,
at siya'y tatayo sa lupa sa kahulihulihan: 26 At pagkatapos
na magibang ganito ang aking balat, gayon ma'y makikita ko
ang Dios sa aking laman: 27 Siyang makikita ko ng sarili, at
mamamasdan ng aking mga mata, at hindi ng iba. Ang aking
puso ay natutunaw sa loob ko. 28 Kung inyong sabihin:
paanong aming pag-uusigin siya? Dangang ang kadahilanan
ay nasusumpungan sa akin; 29 Mangatakot kayo sa tabak:
sapagka't ang kapootan ang nagdadala ng mga parusa ng
tabak, upang inyong malaman na may kahatulan.

**20** Nang magkagayo'y sumagot si Zophar na Naamathita,
at nagsabi, 2 Kaya't nagbibigay sagot sa akin ang
aking mga pagiisip, dahil nga sa aking pagmamadali na
taglay ko. 3 Aking narinig ang saway na inilalagay ako sa
kahihiyan, at ang diwa ng aking pagkaunawa ay sumasagot
sa akin. 4 Hindi mo ba nalalaman ito ng una, mula nang
ang tao'y malagay sa lupa, 5 Na ang pagtatagumpay
ng masama ay maikli, at ang kagalakan ng di banal ay
sandali lamang? 6 Bagaman ang kaniyang karilagan ay
napaiilanglang hanggang sa langit, at ang kaniyang ulo
ay umaabot hanggang sa mga alapaap; 7 Gayon may
matutunaw siya magpakailan man, na gaya ng kaniyang
sariling dumi: silang nangakakita sa kaniya ay mangagsasabi:
Nasaan siya? 8 Siya'y mawawala na gaya ng panaginip, at
hindi masusumpungan. Oo, siya'y mawawala na parang
pangitain sa gabi. 9 Ang mata na nakakita sa kaniya ay
hindi na siya makikita pa; ni mamamalas pa man siya sa
kaniyang pook. 10 Hahanapin ng kaniyang mga anak ang
lingap ng dukha, at ang kaniyang mga kamay ay magsasauli
ng kaniyang kayamanan. 11 Ang kaniyang mga buto ay
puspos ng kaniyang kabataan, nguni't hihiga na kasama
niya sa alabok. 12 Bagaman ang kasamaan ay masarap
sa kaniyang bibig, bagaman kaniyang itago sa ilalim ng
kaniyang dila; 13 Bagaman kaniyang patawarin, at hindi
niya ito babayaan, kundi ingatan pa sa loob ng kaniyang
bibig; 14 Gayon ma'y ang kaniyang pagkain ay nabago
na sa kaniyang tiyan, siyang kamandag ng mga ahas
sa loob niya. 15 Siya'y sumakmal ng mga kayamanan,
at kaniyang mga isusuka uli: mga aalisin uli ng Dios sa
kaniyang tiyan. 16 Kaniyang hihititin ang kamandag ng
mga ahas; papatayin siya ng dila ng ulupong. 17 Hindi
niya matitingnan ang mga ilog, ang umaagos na mga
bukal ng pulot at mantekilya. 18 Na kaniyang isasauli
ang kaniyang pinagpagalan, at hindi lalamunin; ayon sa
pag-aari na kaniyang tinangkilik, hindi siya magagalak. 19
Sapagka't kaniyang pinighati at pinabayaan ang dukha;
kaniyang kinuhang marahas ang isang bahay; at hindi niya
itatayo. 20 Sapagka't hindi siya nakakilala ng katiwasayan
sa loob niya, hindi siya makapagliligtas ng anoman sa
kaniyang kinaluluguran. 21 Walang bagay na naiwan na hindi
niya sinakmal; kaya't ang kaniyang kaginhawahan ay hindi
mananatili. 22 Sa lubos niyang kasaganaan ay magigipit
siya; ang kamay ng bawa't nasa karalitaan ay darating sa
kaniya. 23 Pagka kaniyang bubusugin ang kaniyang tiyan,
ihuhulog ng Dios ang kaniyang mabangis na poot sa kaniya.
At ibubugso sa kaniya samantalang siya'y kumakain. 24
Kaniyang tatakasan ang sandatang bakal, at ang busog na
tanso ay hihilagpos sa kaniya. 25 Binubunot niya ang pana,
at lumalabas sa kaniyang katawan: Oo, ang makintab na
talim ay lumalabas mula sa kaniyang apdo; mga kakilabutan
ang sumasa kaniya. 26 Lahat na kadiliman ay nalalagay na
mga pinakakayamanan niya; isang apoy na hindi hinipan ng
tao ay susupok sa kaniya: susupukin niyaon ang naiwan sa
kaniyang tolda. 27 Ihahayag ng mga langit ang kaniyang
kasamaan, at ang lupa ay babangon laban sa kaniya. 28 Ang
pakinabang ng kaniyang bahay ay yayaon, ang kaniyang

mga pag-aari ay huhuho sa kaarawan ng kaniyang kapootan.
**29** Ito ang bahagi ng masamang tao mula sa Dios, at ang
manang takda sa kaniya ng Dios.

**21** Nang magkagayo'y sumagot si Job, at nagsabi, **2**
Pakinggan ninyong mainam ang aking pananalita; at
ito'y maging inyong mga kaaliwan. **3** Pagdalitaan ninyo
ako, at ako nama'y magsasalita, at pagkatapos na ako'y
makapagsalita, ay manuya kayo. **4** Tungkol sa akin, ay
sa tao ba ang aking daing? At bakit hindi ako maiinip? **5**
Tandaan ninyo ako, at matigilan kayo. At ilagay ninyo ang
inyong kamay sa inyong bibig, **6** Pagka aking naaalaala nga
ay nababagabag ako, at kikilabutan ang humahawak sa
aking laman. **7** Bakit nabubuhay ang masama, nagiging
matanda, oo, nagiging malakas ba sa kapangyarihan? **8**
Ang kanilang binhi ay natatatag nakasama nila sa kanilang
paningin, at ang kanilang mga suwi ay nasa harap ng
kanilang mga mata. **9** Ang kanilang mga bahay ay tiwasay
na walang takot, kahit ang pamalo man ng Dios ay wala sa
kanila. **10** Ang kanilang baka ay naglilihi, at hindi nababaog;
ang kanilang baka ay nanganganak, at hindi napapahamak
ang kaniyang guya. **11** Kaniyang inilabas ang kanilang mga
bata na gaya ng kawan, at ang kanilang mga anak ay
nangagsasayawan, **12** Sila'y nangagaawitan na katugma
ng pandereta at alpa, at nangagkakatuwa sa tunog ng
plauta. **13** Kanilang ginugugol ang kanilang mga kaarawan
sa kaginhawahan, at sa isang sandali ay nagsisilusong sila
sa Sheol. **(Sheol h7585)** **14** At sinasabi nila sa Dios: Lumayo
ka sa amin; sapagka't hindi namin ninanasa ang pagkaalam
ng inyong mga lakad. **15** Ano ang Makapangyarihan sa
lahat na siya'y paglilingkuran namin? At anong pakinabang
magkakaroon kami, kung kami ay magsidalangin sa kaniya?
**16** Narito, ang kanilang kaginhawahan ay wala sa kanilang
kamay: ang payo ng masama ay malayo sa akin. **17**
Gaano kadalas pinapatay ang ilawan ng masama? Na ang
kanilang kapahamakan ay dumarating ba sa kanila? Na
nagbabahagi ba ang Dios ng mga kapanglawan sa kaniyang
galit? **18** Na sila'y gaya ng dayami sa harap ng hangin, at
gaya ng ipa na tinatangay ng bagyo? **19** Inyong sinasabi,
Inilalapat ng Dios ang kaniyang parusa sa kaniyang mga
anak. Gantihin sa kaniyang sarili upang maalaman niya. **20**
Makita ng kaniyang mga mata ang kaniyang pagkagiba,
at uminom siya ng poot ng Makapangyarihan sa lahat. **21**
Sapagka't anong kasayahan magkakaroon siya sa kaniyang
bahay pagkamatay niya, pagka ang bilang ng kaniyang
mga buwan ay nahiwalay sa gitna? **22** May makapagtuturo
ba ng kaalaman sa Dios? Dangang kaniyang hinahatulan
yaong nangasa mataas. **23** Isa'y namamatay sa kaniyang
lubos na kalakasan, palibhasa't walang bahala at tahimik:
**24** Ang kaniyang mga suso ay puno ng gatas, at ang utak
ng kaniyang mga buto ay halumigmig. **25** At ang iba'y
namamatay sa paghihirap ng kaluluwa, at kailan man ay hindi
nakakalasa ng mabuti. **26** Sila'y nahihigang magkakasama sa
alabok, at tinatakpan sila ng uod. **27** Narito, aking nalalaman
ang inyong pagiisip, at ang mga maling haka ng inyong
inaakala laban sa akin. **28** Sapagka't inyong sinasabi, Saan
naroon ang bahay ng prinsipe? At saan naroon ang tolda na
tinatahanan ng masama? **29** Hindi ba ninyo itinanong sa
kanilang nangagdadaan? At hindi ba ninyo nalalaman ang
kanilang mga pinagkakakilanlan? **30** Na ang masamang
tao ay natataan sa kaarawan ng kasakunaan? Na sila'y
pinapatnubayan sa kaarawan ng kapootan? **31** Sinong
magpapahayag ng kaniyang lakad sa kaniyang mukha?
At sinong magbabayad sa kaniya ng kaniyang ginawa?
**32** Gayon ma'y dadalhin siya sa libingan, at magbabantay
ang mga tao sa libingan. **33** Ang mga bugal ng libis ay
mamabutihin niya, at lahat ng tao ay magsisisunod sa kaniya,
gaya ng nauna sa kaniya na walang bilang. **34** Paano ngang
inyong aaliwin ako ng walang kabuluhan, dangang sa inyong
mga sagot ang naiiwan lamang ay kabulaanan?

**22** Nang magkagayo'y sumagot si Eliphaz na Temanita,
at nagsabi, **2** Mapapakinabangan ba ang tao ng Dios?
Tunay na siyang pantas ay nakikinabang sa kaniyang sarili.
**3** May kasayahan ba sa Makapangyarihan sa lahat na ikaw
ay matuwid? O may pakinabang ba sa kaniya na iyong
pinasasakdal ang iyong mga lakad? **4** Dahil ba sa iyong takot
sa kaniya na kaniyang sinasaway ka, na siya'y pumasok sa
iyo sa kahatulan? **5** Hindi ba malaki ang iyong kasamaan?
Ni wala mang anomang wakas sa iyong mga kasamaan.
**6** Sapagka't ikaw ay kumuha ng sangla ng iyong kapatid
sa wala, at iyong hinubdan ng kanilang suot ang hubad. **7**
Ikaw ay hindi nagbigay ng tubig sa pagod upang uminom, at
ikaw ay nagkait ng tinapay sa gutom. **8** Nguni't tungkol sa
makapangyarihang tao, siya'y nagtatangkilik ng lupa; at ang
marangal na tao, ay tumatahan doon. **9** Iyong pinayaong
walang dala ang mga babaing bao, at ang mga kamay
ng ulila ay nangabali. **10** Kaya't ang mga silo ay nangasa
palibot mo, at biglang takot ay bumabagabag sa iyo, **11** O
kadiliman, upang huwag kang makakita. At kasaganaan
ng tubig ay tumatabon sa iyo. **12** Hindi ba ang Dios ay
nasa kaitaasan ng langit? At, narito, ang kataasan ng mga
bituin, pagkataastaas nila! **13** At iyong sinasabi, Anong
nalalaman ng Dios? Makahahatol ba siya sa salisalimuot na
kadiliman? **14** Masinsing alapaap ang tumatakip sa kaniya,
na siya'y hindi nakakakita; at siya'y lumalakad sa balantok
ng langit. **15** Iyo bang pagpapatuluyan ang dating daan,
na nilakaran ng mga masamang tao? **16** Na siyang mga
naalis bago dumating ang kanilang kapanahunan. Na ang
patibayan ay nahuhong parang agos: **17** Na nagsabi sa

Dios: Lumayo ka sa amin; at, anong magagawa sa amin
ng Makapangyarihan sa lahat? 18 Gayon ma'y pinuno niya
ang kanilang mga bahay ng mga mabuting bagay; nguni't
ang payo ng masama ay malayo sa akin. 19 Nakikita ng
mga matuwid at nangatutuwa; at tinatawanang mainam ng
walang sala: 20 Na nagsasabi, Walang pagsalang silang
nagsisibangon laban sa atin ay nahiwalay, at ang nalabi sa
kanila ay sinupok ng apoy. 21 Makipagkilala ka sa kaniya, at
ikaw ay mapayapa: anopa't ang mabuti ay darating sa iyo.
22 Iyong tanggapin, isinasamo ko sa iyo, ang kautusan mula
sa kaniyang bibig, at ilagak mo ang kaniyang mga salita sa
iyong puso. 23 Kung ikaw ay bumalik sa Makapangyarihan
sa lahat, ay matatayo ka; kung iyong ilayo ang kalikuan sa
iyong mga tolda. 24 At ilagay mo ang iyong kayamanan sa
alabok, at ang ginto ng Ophir sa gitna ng mga bato ng mga
batis: 25 At ang Makapangyarihan sa lahat ay magiging
iyong kayamanan, at mahalagang pilak sa iyo. 26 Sapagka't
ikaw ay magagalak nga ng iyong sarili sa Makapangyarihan
sa lahat, at iyong itataas ang iyong mukha sa Dios. 27
Ikaw ay dadalangin sa kaniya, at kaniyang didinggin ka: at
iyong babayaran ang iyong mga panata. 28 Ikaw nama'y
magpapasiya ng isang bagay, at ito'y matatatag sa iyo; at
liwanag ay sisilang sa iyong mga daan. 29 Pagka inilulugmok
ka nila, ay iyong sasabihin: Magpakataas; at ililigtas niya
ang mapagpakumbabang tao. 30 Kaniyang ililigtas, pati ng
hindi banal: Oo, siya'y maliligtas sa kalinisan ng iyong mga
kamay.

**23** Nang magkagayo'y sumagot si Job, at nagsabi, 2
Magpahanggang ngayo'y mapanghimagsik ang aking
daing: ang bugbog sa akin ay lalong mabigat kaysa aking
hibik. 3 Oh mano nawang maalaman ko kung saan ko
masusumpungan siya, upang ako'y dumating hanggang
sa kaniyang likmuan! 4 Aking aayusin ang aking usap
sa harap niya, at pupunuin ko ang aking bibig ng mga
pangangatuwiran. 5 Aking malalaman ang mga salita na
kaniyang isasagot sa akin, at matatalastas ko kung ano
ang kaniyang sasabihin sa akin. 6 Makikipagtalo ba siya sa
akin sa kalakhan ng kaniyang kapangyarihan? Hindi; kundi
pakikinggan niya ako. 7 Doo'y makapangangatuwiran sa
kaniya ang matuwid; sa gayo'y maliligtas ako magpakailan
man sa aking hukom. 8 Narito, ako'y nagpapatuloy, nguni't
wala siya; at sa dakong likuran, nguni't hindi ko siya
mamataan: 9 Sa kaliwa pagka siya'y gumagawa, nguni't
hindi ko mamasdan siya: siya'y nagkukubli sa kanan, na
hindi ko makita siya. 10 Nguni't nalalaman niya ang daang
aking nilalakaran; pagka kaniyang nasubok ako ay lalabas
akong parang ginto. 11 Ang aking paa ay sumunod na
lubos sa kaniyang mga hakbang. Ang kaniyang daan
ay aking iningatan, at hindi ako lumiko. 12 Ako'y hindi
humiwalay sa utos ng kaniyang mga labi; aking pinagyaman
ang mga salita ng kaniyang bibig ng higit kay sa aking
kailangang pagkain. 13 Nguni't siya'y sa isang akala, at
sinong makapagpapabalik sa kaniya? At kung ano ang
ninanasa ng kaniyang kaluluwa siya nga niyang ginagawa.
14 Sapagka't kaniyang isinasagawa ang itinakda sa akin:
at maraming gayong mga bagay ang nasa kaniya. 15
Kaya't ako'y nababagabag sa kaniyang harapan; pagka
aking binubulay, ay natatakot ako sa kaniya. 16 Dahil sa
pinapanglupaypay ng Dios ang aking puso, at binagabag
ako ng Makapangyarihan sa lahat: 17 Sapagka't hindi ako
inihiwalay sa harap ng kadiliman, ni tinakpan man niya ang
salimuot na kadiliman sa aking mukha.

**24** Bakit ang mga kapanahunan ay hindi itinakda
ng Makapangyarihan sa lahat? At bakit hindi
nangakakakita ng kaniyang mga araw ang nangakakakilala
sa kaniya? 2 May nagsisipagbago ng lindero; kanilang
dinadalang may karahasan ang mga kawan, at pinasasabsab.
3 Kanilang itinataboy ang asno ng ulila, kanilang kinukuha
ang baka ng babaing bao na pinakasangla. 4 Kanilang
iniliiligaw sa daan ang mapagkailangan: ang mga dukha sa
lupa ay nagsisikubling magkakasama. 5 Narito, gaya ng mga
mabangis na asno sa ilang, sila'y nagsisilabas sa kanilang
gawa, na nagsisihanap na masikap ng pagkain; ang ilang ay
siyang nagbibigay sa kanila ng pagkaing ukol sa kanilang
mga anak. 6 Kanilang pinitas sa bukid ang kanilang pagkain;
at kanilang pinamumulutan ang ubasan ng masama. 7 Sila'y
hubad na nangahihiga buong gabi na walang suot. At walang
kumot sa ginaw. 8 Sila'y basa ng ulan sa mga bundok, at
niyayakap ang bato sa pagkakailangan ng kulungan. 9 May
nagsisiagaw ng ulila mula sa suso, at nagsisikuha ng sangla
ng dukha: 10 Na anopa't sila'y yumayaong hubad na walang
damit, at palibhasa'y gutom ay kanilang dinadala ang mga
bigkis; 11 Sila'y nagsisigawa ng langis sa loob ng olibohan
ng mga taong ito; sila'y nagpipisa sa kanilang pisaan ng
ubas, at nagtitiis ng uhaw. 12 Mula sa makapal na bayan ay
nagsisidaing ang mga tao, at ang kaluluwa ng may sugat ay
humihiyaw; gayon ma'y hindi inaaring mangmang ng Dios.
13 Ito'y sa mga nangaghihimagsik laban sa liwanag; Hindi
nila nalalaman ang mga daan niyaon, ni tumatahan man sa
mga landas niyaon. 14 Ang mamamatay tao ay bumabangon
pagliliwanag, pinapatay niya ang dukha at mapagkailangan;
at sa gabi ay gaya siya ng magnanakaw. 15 Ang mata
naman ng mapangalunya ay naghihintay ng pagtatakip-silim,
na sinasabi, Walang matang makakakita sa akin: at nagiiba
ng kaniyang mukha. 16 Sa kadiliman ay nagsisihukay sila sa
mga bahay: sila'y nagkukulong sa sarili kung araw; hindi
nila nalalaman ang liwanag, 17 Sapagka't ang umaga sa
kanilang lahat ay parang salimuot na kadiliman, sapagka't

kanilang nalalaman ang mga kakilabutan ng salimot na
kadiliman. 18 Siya'y matulin sa ibabaw ng tubig; ang kanilang
bahagi ay sinumpa sa lupa: siya'y hindi babalik sa daan ng
mga ubasan. 19 Katuyuan at kainitan ay tumutunaw ng mga
niebeng tubig: gaya ng Sheol ng mga nagkakasala. **(Sheol
h7585)** 20 Kalilimutan siya ng bahay-bata: siya'y kakaning
maigi ng uod; siya'y hindi na maaalaala pa: at ang kalikuan
ay babaliing parang punong kahoy. 21 Kaniyang sinasakmal
ang baog na hindi nanganganak; at hindi gumagawa ng
mabuti sa babaing bao. 22 Inaagawan naman ng Dios ang
may kaya sa pamamagitan ng kaniyang kapangyarihan:
siya'y bumabangon na walang katiwasayan sa buhay. 23
Pinagkakalooban sila ng Dios na malagay sa katiwasayan,
at sila'y nagpapahinga roon; at ang kaniyang mga mata ay
nasa kanilang mga lakad. 24 Sila'y nangataas, gayon ma'y
isang sandali pa, at sila'y wala na. Oo, sila'y nangababa,
sila'y nangaalis sa daan na gaya ng lahat ng mga iba, at
nangaputol na gaya ng mga uhay. 25 At kung hindi gayon
ngayon, sinong magpapatotoo na ako'y sinungaling, at
magwawala ng kabuluhan ng aking pananalita?

**25** Nang magkagayo'y sumagot si Bildad na Suhita, at
nagsabi, 2 Kapangyarihan at takot ay sumasa kaniya;
siya'y gumagawa ng kapayapaan sa kaniyang mga mataas
na dako. 3 May anomang bilang ba sa kaniyang mga hukbo?
At doon sa hindi sinisikatan ng kaniyang liwanag? 4 Paano
ngang makapagiging ganap ang tao sa Dios? O paanong
magiging malinis siya na ipinanganak ng isang babae. 5
Narito, pati ng buwan ay walang liwanag, at ang mga bituin
ay hindi dalisay sa kaniyang paningin: 6 Gaano pa nga kaliit
ang tao, na isang uod! At ang anak ng tao, na isang uod!

**26** Nang magkagayo'y sumagot si Job, at nagsabi, 2
Paano mong tinulungan siya na walang kapangyarihan!
Paano mong iniligtas ang kamay na walang lakas! 3 Paano
mong pinayuhan siya na walang karunungan, at saganang
ipinahayag mo ang mabuting kaalaman! 4 Kanino mo
binigkas ang mga salita? At kanino ang diwa na lumabas sa
iyo? 5 Ang mga patay ay nanginginig sa ilalim ng tubig,
at ang mga nananahan doon. 6 Ang Sheol ay hubad sa
harap ng Dios, at ang Abaddon ay walang takip. **(Sheol
h7585)** 7 Kaniyang iniuunat ang hilagaan sa pagitang walang
laman, at ibinibitin ang lupa sa wala. 8 Kaniyang itinatali
ang tubig sa kaniyang masinsing alapaap; at ang alapaap
ay hindi nahahapak sa ilalim nila. 9 Kaniyang tinatakpan
ang ibabaw ng kaniyang luklukan, at iniladlad ang kaniyang
mga alapaap sa ibabaw niyaon. 10 Siya'y gumuguhit
ng isang hangganan sa ibabaw ng tubig, hanggang sa
pinagsasalikupan ng liwanag at kadiliman. 11 Ang mga haligi
ng langit ay nagsisipanginig. At nangatitigilan sa kaniyang
saway. 12 Kaniyang pinapag-iinalon ang dagat ng kaniyang
kapangyarihan, at sa kaniyang kaalaman ay sinasaktan niya
ang Rahab. 13 Sa pamamagitan ng kaniyang Espiritu ay
ginayakan niya ang langit; sinaksak ng kaniyang mga kamay
ang maliksing ahas. 14 Narito, ang mga ito ang mga gilid
lamang ng kaniyang mga daan: at pagkarahan ng bulong na
ating naririnig sa kaniya! Nguni't sinong makakaunawa ng
kulog ng kaniyang kapangyarihan?

**27** At muling sinambit ni Job ang kaniyang talinhaga,
at nagsabi, 2 Buhay ang Dios, na siyang nagalis ng
aking katuwiran, at ang Makapangyarihan sa lahat na siyang
nagpapanglaw ng aking kaluluwa; 3 (Sapagka't ang aking
buhay ay buo pa sa akin, at ang espiritu ng Dios ay nasa
mga butas ng aking ilong); 4 Tunay na ang aking mga labi
ay hindi magsasalita ng kalikuan, ni ang aking dila man
ay magsasaysay ng karayaan. 5 Malayo nawa sa aking
kayo'y ariin kong ganap: Hanggang sa ako'y mamatay ay
hindi ko aalisin sa akin ang aking pagtatapat. 6 Ang aking
katuwiran ay aking pinanghahawakan at hindi ko bibitiwan:
hindi ako aalipustain ng aking puso habang ako'y buhay.
7 Ang aking kaaway ay maging gaya nawa ng masama,
at ang bumangon laban sa akin ay maging gaya nawa ng
liko. 8 Sapagka't ano ang pagasa ng di banal, bagaman
siya'y makikinabang sa kaniya, pagka kinuha ng Dios ang
kaniyang kaluluwa? 9 Didinggin ba ng Dios ang kaniyang
iyak, pagka ang kabagabagan ay dumating sa kaniya? 10
Makapagsasaya ba siya sa Makapangyarihan sa lahat,
at tatawag sa Dios sa lahat ng mga panahon? 11 Aking
tuturuan kayo ng tungkol sa kamay ng Dios; ang nasa
Makapangyarihan sa lahat ay hindi ko ililihim. 12 Narito,
kayong lahat ay nangakakita; bakit nga kayo ay lubos na
nawalan ng kabuluhan? 13 Ito ang bahagi ng masamang tao
sa Dios, at ang mana ng mga mamimighati, na kanilang
tinatanggap sa Makapangyarihan sa lahat. 14 Kung ang
kaniyang mga anak ay dumami, ay para sa tabak, at ang
kaniyang lahi ay hindi mabubusog ng tinapay. 15 Yaong
nangaiwan sa kaniya ay mangalilibing sa kamatayan, at ang
kaniyang mga bao ay hindi magsisipanaghoy. 16 Bagaman
siya'y magbunton ng pilak na parang alabok, at maghahanda
ng bihisan na parang putik; 17 Maihahanda niya, nguni't ang
ganap ang magsusuot niyaon. At babahagihin ng walang sala
ang pilak. 18 Siya'y nagtatayo ng kaniyang bahay na gaya
ng tanga, at gaya ng isang bantayan na ginagawa ng bantay.
19 Siya'y nahihigang mayaman, nguni't hindi siya pupulutin;
kaniyang ididilat ang kaniyang mga mata, nguni't wala na
siya. 20 Mga kakilabutan ang tumatabon sa kaniya na gaya
ng tubig; bagyo ang umaagaw sa kaniya sa kinagabihan, 21
Tinangay siya ng hanging silanganan, at siya'y nananaw; at
pinapalis siya sa kaniyang kinaroroonang dako. 22 Sapagka't

hahalibasin siya ng Dios, at hindi magpapatawad; siya'y
magpupumilit na tumakas sa kaniyang kamay. 23 Ipapakpak
ng mga tao ang kanilang mga kamay sa kaniya. At hihiyawan
siya mula sa kaniyang kinaroroonang dako.

**28** Tunay na may mina na mayroong pilak, at dako na
ukol sa ginto na kanilang pinagdadalisayan. 2 Bakal ay
hinuhukay sa lupa, at tanso ay binububo mula sa bato. 3
Ang tao'y naglalagay ng wakas sa kadiliman, at sumisiyasat
hanggang sa kalayulayuang hangganan ng mga bato ng
kadiliman at salimuot na kadiliman. 4 Siya'y humuhukay
ng malayo sa tinatahanan ng mga tao: nililimot ng paa
na dumadaan nagbibitin doong malayo sa mga tao, sila'y
umuugoy na paroo't parito. 5 Tungkol sa lupa, mula rito'y
nanggagaling ang tinapay: at sa ilalim ay wari tinutuklap ng
apoy. 6 Ang mga bato nito'y kinaroroonan ng mga zafiro. At
ito'y may alabok na ginto. 7 Yaong landas na walang ibong
mangdadagit ay nakakaalam. Ni nakita man ng mata ng
falkon: 8 Hindi natungtungan ng mga palalong hayop, ni
naraanan man ng mabangis na leon, 9 Kaniyang inilalabas
ang kaniyang kamay sa batong pingkian; binabaligtad ng
mga ugat ang mga bundok. 10 Siya'y nagbabangbang sa
gitna ng mga bato; at ang kaniyang mata ay nakakakita
ng bawa't mahalagang bagay. 11 Kaniyang tinatalian ang
mga lagaslas upang huwag umagos; at ang bagay na
nakukubli ay inililitaw niya sa liwanag. 12 Nguni't saan
masusumpungan ang karunungan? At saan naroon ang
dako ng pagkaunawa? 13 Hindi nalalaman ng tao ang
halaga niyaon; ni nasusumpungan man sa lupain ng may
buhay. 14 Sinasabi ng kalaliman. Wala sa akin: at sinasabi
ng dagat: Hindi sumasaakin. 15 Hindi mabibili ng ginto, ni
matitimbangan man ng pilak ang halaga niyaon. 16 Hindi
mahahalagahan ng ginto sa Ophir, ng mahalagang onix,
o ng zafiro. 17 Ginto at salamin ay hindi maihahalintulad
doon: ni maipagpapalit man sa mga hiyas na dalisay na
ginto. 18 Hindi mabibilang ang coral o ang cristal; Oo, ang
halaga ng karunungan ay higit sa mga rubi. 19 Ang topacio
sa Etiopia ay hindi maipapantay doon, ni mahahalagahan
man ng dalisay na ginto. 20 Saan nanggagaling nga ang
karunungan? At saan naroon ang dako ng pagkaunawa? 21
Palibhasa't nakukubli sa mga mata ng lahat na may buhay, at
natatago sa mga ibon sa himpapawid. 22 Ang kapahamakan
at ang kamatayan ay nagsasabi, narinig namin ng aming
mga pakinig ang bulungbulungan niyaon. 23 Nauunawa ng
Dios ang daan niyaon, at nalalaman niya ang dako niyaon.
24 Sapagka't tumitingin siya hanggang sa mga wakas ng
lupa, at nakikita ang silong ng buong langit; 25 Upang bigyan
ng timbang ang hangin; Oo, kaniyang tinatakal ang tubig sa
takalan. 26 Nang siya'y gumawa ng pasiya sa ulan, at ng
daan sa kidlat ng kulog: 27 Nang magkagayo'y nakita niya
ito, at inihayag; kaniyang itinatag ito, oo, at siniyasat. 28
At sa tao ay sinabi niya, Narito, ang pagkatakot sa Dios
ay siyang karunungan; at ang paghiwalay sa kasamaan ay
pagkaunawa.

**29** At muling ipinagbadya ni Job ang kaniyang talinghaga,
at nagsabi, 2 Oh ako nawa'y napasa mga buwan noong
dakong una, gaya noong mga kaarawan ng binabantayan ako
ng Dios; 3 Nang ang kaniyang ilawan ay sumisilang sa aking
ulo at sa pamamagitan ng kaniyang liwanag ay lumalakad
ako sa kadiliman; 4 Gaya noong ako'y nasa kabutihan ng
aking mga kaarawan, noong ang pagkasi ng Dios ay nasa
aking tolda; 5 Noong ang Makapangyarihan sa lahat ay
sumasaakin pa, at ang aking mga anak ay nangasa palibot
ko; 6 Noong ang aking mga hakbang ay naliligo sa gatas, at
ang bato ay nagbubuhos para sa akin ng mga ilog ng langis!
7 Noong ako'y lumalabas sa pintuang-bayan hanggang
sa bayan, noong aking inihahanda ang aking upuan sa
lansangan, 8 Nakikita ako ng mga binata, at nagsisipagkubli,
at ang mga matanda ay nagsisitindig at nagsisitayo: 9 Ang
mga pangulo ay nagpipigil ng pangungusap, at inilalagay
ang kanilang kamay sa kanilang bibig; 10 Ang tinig ng
mga mahal na tao ay tumatahimik, at ang kanilang dila ay
dumidikit sa ngalangala ng kanilang bibig. 11 Sapagka't
pagka naririnig ako ng pakinig, ay pinagpapala nga ako;
at pagka nakikita ako ng mata, ay sumasaksi sa akin: 12
Sapagka't aking iniligtas ang dukha na dumadaing, ang
ulila rin naman na walang tumutulong sa kaniya. 13 Ang
basbas ng malapit nang mamamatay ay sumaakin: at aking
pinaawit sa kagalakan ang puso ng babaing bao. 14 Ako'y
nagbibihis ng katuwiran, at sinusuutan niya ako: ang aking
kaganapan ay parang isang balabal at isang diadema. 15
Ako'y naging mga mata sa bulag, at naging mga paa ako
sa pilay. 16 Ako'y naging ama sa mapagkailangan; at ang
usap niyaong hindi ko nakikilala ay aking sinisiyasat. 17 At
aking binali ang mga pangil ng liko, at inagaw ko ang huli
sa kaniyang mga ngipin. 18 Nang magkagayo'y sinabi ko,
mamamatay ako sa aking pugad, at aking pararamihin ang
aking mga kaarawan na gaya ng buhangin: 19 Ang aking
ugat ay nakalat sa tubig, at ang hamog ay lumalapag buong
gabi sa aking sanga: 20 Ang aking kaluwalhatian ay sariwa
sa akin, at ang aking busog ay nababago sa aking kamay.
21 Sa akin ay nangakikinig ang mga tao, at nangaghihintay,
at nagsisitahimik sa aking payo. 22 Pagkatapos ng aking
mga salita ay hindi na sila nagsasalita pa uli; at ang aking
pananalita ay tumutulo sa kanila. 23 At kanilang hinihintay
ako, na gaya ng paghihintay sa ulan, at kanilang ibinubuka
ang kanilang bibig na maluwang na gaya sa huling ulan. 24
Ako'y ngumingiti sa kanila pagka sila'y hindi nanganiniwala:
at ang liwanag ng aking mukha ay hindi nila hinahamak. 25

Ako'y namimili sa kanilang daan, at nauupong gaya ng puno,
at tumatahang gaya ng hari sa hukbo, gaya ng nangaaliw sa
nananangis.

**30** Nguni't ngayo'y silang bata kay sa akin ay nagsisitawa
sa akin, na ang mga magulang ay di ko ibig na malagay
na kasama ng mga aso ng aking kawan. **2** Oo, ang kalakasan
ng kanilang kamay, sa ano ko mapapakinabangan? Mga
taong ang kalusugan ng gulang ay lumipas na. **3** Sila'y lata
sa pangangailangan at sa kagutom; kanilang nginangata ang
tuyong lupa, sa kadiliman ng kasalatan at kapahamakan. **4**
Sila'y nagsisibunot ng mga malvas sa tabi ng mabababang
punong kahoy; at ang mga ugat ng enebro ay siyang
kanilang pinakapagkain. **5** Sila'y pinalayas mula sa gitna ng
mga tao; sila'y sumisigaw sa likuran nila, na gaya ng sa
likuran ng isang magnanakaw. **6** Upang sila'y magsitahan
sa nakatatakot na mga libis, sa mga puwang ng lupa, at
ng mga bato. **7** Sa gitna ng mabababang punong kahoy
ay nagsisiangal; sa ilalim ng mga tinikan ay nangapipisan.
**8** Mga anak ng mga mangmang, oo, mga anak ng mga
walang puring tao; sila'y mga itinapon mula sa lupain. **9** At
ngayon ay naging kantahin nila ako, Oo, ako'y kasabihan
sa kanila. **10** Kanilang kinayayamutan ako, nilalayuan nila
ako, at hindi sila nagpipigil ng paglura sa aking mukha. **11**
Sapagka't kinalag niya ang kaniyang panali, at pinighati ako,
at kanilang inalis ang paningkaw sa harap ko. **12** Sa aking
kanan ay tumatayo ang tanga; itinutulak nila ang aking mga
paa, at kanilang pinapatag laban sa akin ang kanilang mga
paraan ng paghamak. **13** Kanilang sinisira ang aking landas,
kanilang isinusulong ang aking kapahamakan, mga taong
walang tumulong. **14** Tila dumarating sila sa isang maluwang
na pasukan: sa gitna ng kasiraan ay nagsisigulong sila. **15**
Mga kakilabutan ay dumadagan sa akin, kanilang tinatangay
ang aking karangalan na gaya ng hangin; at ang aking
kaginhawahan ay napaparam na parang alapaap. **16** At
ngayo'y nanglulupaypay ang aking kaluluwa sa loob ko; mga
kaarawan ng pagkapighati ay humawak sa akin. **17** Sa gabi
ay nagaantakan ang aking mga buto, at ang mga antak
na nagpapahirap sa akin ay hindi nagpapahinga. **18** Sa
matinding karahasan ng aking sakit ay nagiging katuwa ang
aking suot: tumatali sa akin sa palibot na gaya ng leeg ng
aking baro. **19** Inihahagis niya ako sa banlik, at ako'y naging
parang alabok at mga abo. **20** Ako'y dumadaing sa iyo, at
hindi mo ako sinasagot: ako'y tumatayo, at minamasdan mo
ako. **21** Ikaw ay naging mabagsik sa akin: sa pamamagitan
ng kapangyarihan ng iyong kamay ay hinahabol mo ako. **22**
Itinataas mo ako sa hangin, pinasasakay mo ako roon; at
tinutunaw mo ako sa bagyo. **23** Sapagka't talastas ko na
iyong dadalhin ako sa kamatayan, at sa bahay na takda
sa lahat na may buhay. **24** Gayon man ang isa ay di
ba naguunat ng kamay sa kaniyang pagkahulog? O sa
kaniyang kasakunaan kung kaya sisigaw ng tulong? **25** Hindi
ko ba iniyakan yaong nasa kabagabagan? Hindi ba ang
aking kaluluwa ay nakikidamay sa mapagkailangan? **26**
Pagka ako'y humahanap ng mabuti, ang kasamaan nga
ang dumarating: at pagka ako'y naghihintay ng liwanag ay
kadiliman ang dumarating. **27** Ang aking puso'y nababagabag
at walang pahinga; mga araw ng kapighatian ay dumating sa
akin. **28** Ako'y yumayaong tumatangis na walang araw; ako'y
tumatayo sa kapulungan at humihinging tulong. **29** Ako'y
kapatid ng mga chakal, at mga kasama ng mga avestruz. **30**
Ang aking balat ay maitim, at natutuklap, at ang aking mga
buto ay nagpapaltos. **31** Kaya't ang aking alpa ay naging
panangis, at ang aking flauta ay naging tinig ng umiiyak.

**31** Ako'y nakipagtipan sa aking mga mata; paano nga
akong titingin sa isang dalaga? **2** Sapagka't ano ang
bahagi sa ganang akin sa Dios mula sa itaas, at ang
mana sa Makapangyarihan sa lahat mula sa kaitaasan? **3**
Hindi ba kasakunaan sa liko, at kasawiang palad sa mga
manggagawa ng kasamaan? **4** Hindi ba niya nakikita ang
aking mga lakad, at binibilang ang lahat ng aking mga
hakbang? **5** Kung ako'y lumakad na walang kabuluhan, at
ang aking paa ay nagmadali sa pagdaraya; **6** (Timbangin
ako sa matuwid na timbangan, upang mabatid ng Dios ang
aking pagtatapat; ) **7** Kung ang aking hakbang ay lumiko
sa daan, at ang aking puso ay lumakad ayon sa aking
mga mata, at kung ang anomang dungis ay kumapit sa
aking mga kamay: **8** Kung gayo'y papaghasikin mo ako,
at bayaang kanin ng iba; Oo, bunutin ang bunga ng aking
bukid. **9** Kung ang aking puso ay napadaya sa babae,
at ako'y bumakay sa pintuan ng aking kapuwa: **10** Kung
magkagayo'y iba ang ipaggiling ng aking asawa, at iba ang
yumuko sa kaniya. **11** Sapagka't iya'y isang mabigat na
sala; Oo, isang kasamaan na parurusahan ng mga hukom:
**12** Sapagka't isang apoy na namumugnaw hanggang sa
pagkapahamak, at bubunutin ang lahat ng aking bunga.
**13** Kung hinamak ko ang katuwiran ng aking aliping lalake
o aliping babae, nang sila'y makipagtalo sa akin: **14** Ano
nga ang aking gagawin pagka bumabangon ang Dios? At
pagka kaniyang dinadalaw, anong isasagot ko sa kaniya?
**15** Hindi ba siyang lumalang sa akin sa bahay-bata ang
lumalang sa kaniya; at hindi ba iisa ang humugis sa atin sa
bahay-bata? **16** Kung pinagkaitan ko ang dukha sa kanilang
nasa, o pinangalumata ko ang mga mata ng babaing bao:
**17** O kumain akong magisa ng aking subo, at ang ulila ay
hindi kumain niyaon; **18** (Hindi, mula sa aking kabataan ay
lumaki siyang kasama ko, na gaya ng may isang ama, at
aking pinatnubayan siya mula sa bahay-bata ng aking ina;
) **19** Kung ako'y nakakita ng sinomang nangangailangan

ng kasuutan, o ng mapagkailangan ng walang kumot; 20
Kung hindi ako pinagpala ng kaniyang mga balakang, at
kung siya'y hindi nainitan ng balahibo ng aking mga tupa: 21
Kung binuhat ko ang aking kamay laban sa ulila, sapagka't
nakita ko ang tulong sa akin sa pintuang-bayan: 22 Kung
nagkagayo'y malaglag ang aking balikat sa abot-agawin,
at ang aking kamay ay mabali sa buto. 23 Sapagka't ang
kasakunaang mula sa Dios ay kakilabutan sa akin, at dahil
sa kaniyang karilagan ay wala akong magawa. 24 Kung
aking pinapaging ginto ang aking pagasa, at sinabi ko sa
dalisay na ginto, ikaw ay aking tiwala; 25 Kung ako'y nagalak
sapagka't ang aking kayamanan ay malaki, at sapagka't ang
aking kamay ay nagtamo ng marami; 26 Kung ako'y tumingin
sa araw pagka sumisikat, o sa buwan na lumalakad sa
kakinangan; 27 At ang aking puso ay napadayang lihim, at
hinagkan ng aking bibig ang aking kamay: 28 Ito may isang
kasamaang marapat parusahan ng mga hukom: sapagka't
itinakuwil ko ang Dios na nasa itaas. 29 Kung ako'y nagalak
sa kasakunaan niyaong nagtatanim ng loob sa akin, o
nagmataas ako ng datnan siya ng kasamaan; 30 (Oo, hindi ko
tiniis ang aking bibig sa kasalanan sa paghingi ng kaniyang
buhay na may sumpa; ) 31 Kung ang mga tao sa aking tolda
ay hindi nagsabi, sinong makakasumpong ng isa na hindi
nabusog sa kaniyang pagkain? 32 Ang taga ibang lupa ay
hindi tumigil sa lansangan; kundi aking ibinukas ang aking
mga pinto sa manglalakbay, 33 Kung aking tinakpan na gaya
ni Adan ang aking mga pagsalangsang, sa pagkukubli ng
aking kasamaan sa aking sinapupunan; 34 Sapagka't aking
kinatakutan ang lubhang karamihan, at pinangilabot ako ng
paghamak ng mga angkan. Na anopa't ako'y tumahimik,
at hindi lumabas sa pintuan? 35 O mano nawang may
duminig sa akin! (Narito ang aking tala, sagutin ako ng
Makapangyarihan sa lahat; ) At mano nawang magkaroon
ako ng sumbong na isinulat ng aking kaaway! 36 Tunay na
aking papasanin ito sa aking balikat; aking itatali sa akin
na gaya ng isang putong. 37 Aking ipahahayag sa kaniya
ang bilang ng aking mga hakbang, gaya ng isang pangulo
na lalapitan ko siya. 38 Kung ang aking lupa ay humiyaw
laban sa akin, at ang mga bungkal niyaon ay umiyak na
magkakasama; 39 Kung kumain ako ng bunga niyaon na
walang bayad, o ipinahamak ko ang buhay ng mga may-ari
niyaon: 40 Tubuan ng dawag sa halip ng trigo, at ng mga
masamang damo sa halip ng cebada. Ang mga salita ni Job
ay natapos.

**32** Sa gayo'y ang tatlong lalaking ito ay nagsitigil ng
pagsagot kay Job, sapagka't siya'y matuwid sa
kaniyang sariling paningin. 2 Nang magkagayo'y nagalab
ang poot ni Eliu, na anak ni Barachel na Bucita, na angkan
ni Ram: laban kay Job ay nagalab ang kaniyang poot,
sapagka't siya'y nagpapanggap na ganap kay sa Dios. 3
Laban din naman sa kaniyang tatlong kaibigan ay nagalab
ang kaniyang poot, sapagka't sila'y hindi nakasumpong
ng sagot, at gayon man ay nahatulan si Job. 4 Si Eliu
nga ay naghintay upang magsalita kay Job, sapagka't
sila'y matanda kay sa kaniya. 5 At nang makita ni Eliu na
walang kasagutan sa bibig ng tatlong lalaking ito, ay nagalab
ang kaniyang poot. 6 At si Eliu na anak ni Barachel na
Bucita ay sumagot at nagsabi, Ako'y bata, at kayo'y totoong
matatanda; kaya't ako'y nagpakapigil at hindi ako nangahas
magpatalastas sa inyo ng aking haka. 7 Aking sinabi, Ang
mga kaarawan ang mangagsasalita, at ang karamihan ng
mga taon ay mangagtuturo ng karunungan. 8 Nguni't may
espiritu sa tao, at ang hinga ng Makapangyarihan sa lahat ay
nagbibigay sa kanila ng unawa. 9 Hindi ang dakila ang siyang
pantas, ni ang matanda man ang siyang nakakaunawa
ng kahatulan. 10 Kaya't aking sinabi, Dinggin ninyo ako;
akin namang ipakikilala ang aking haka. 11 Narito, aking
hinintay ang inyong mga salita, aking dininig ang inyong
mga pangangatuwiran, samantalang kayo'y naghahagilap
ng masasabi. 12 Oo, aking inulinig kayo, at, narito, walang
isang makahikayat kay Job, o sa inyo'y may makasagot sa
kaniyang mga salita. 13 Magbawa nga kayo, baka kayo'y
magsabi, Kami ay nakasumpong ng karunungan; madadaig
ng Dios siya, hindi ng tao; 14 Sapagka't hindi itinukoy ang
kaniyang mga salita sa akin; ni hindi ko sasagutin siya ng
inyong mga pananalita. 15 Sila'y nangalito, sila'y hindi na
nagsisagot pa; Sila'y walang salitang masabi, 16 At ako ba'y
maghihintay, sapagka't sila'y hindi nangagsasalita, sapagka't
sila'y nangakatigil, at hindi na nagsisisagot. 17 Ako nama'y
sasagot ng ganang akin, akin namang ipakikilala ang aking
haka. 18 Sapagka't ako'y puspos ng mga salita; ang diwa na
sumasaloob ko ay pumipigil sa akin, 19 Narito, ang aking
dibdib ay parang alak na walang pahingahan: parang mga
bagong sisidlang-balat na handa sa pagkahapak. 20 Ako'y
magsasalita, upang ako'y maginhawahan: aking ibubuka
ang aking mga labi at sasagot ako. 21 Huwag itulot sa
akin na pakundanganan ko, isinasamo ko sa inyo, ang
pagkatao ninoman; ni gumamit man sa kanino man ng
mga pakunwaring papuring salita. 22 Sapagka't hindi ako
marunong sumambit ng mga pakunwaring papuring salita;
na kung dili ay madaling papanawin ako ng Maylalang sa
akin.

**33** Gayon man, Job, isinasamo ko sa iyo na, dinggin
mo ang aking pananalita, at pakinggan mo ang lahat
ng aking mga salita. 2 Narito, ngayon ay aking ibinuka
ang aking bibig; nagsalita ang aking dila sa aking bibig. 3
Sasaysayin ng aking mga salita ang katuwiran ng aking
puso; at ang nalalaman ng aking mga labi ay sasalitaing

may pagtatapat. 4 Nilalang ako ng Espiritu ng Dios, at
ang hinga ng Makapangyarihan sa lahat ay nagbibigay sa
akin ng buhay. 5 Kung ikaw ay makasasagot ay sumagot
ka sa akin; ayusin mo ang iyong mga salita sa harap ko,
tumayo ka. 6 Narito, ako'y sa Dios na gaya mo: ako ma'y
nilalang mula rin sa putik. 7 Narito, hindi ka tatakutin ng
aking kakilabutan, ni ang aking kalakhan man ay magiging
mabigat sa iyo. 8 Tunay na ikaw ay nagsalita sa aking
pakinig, at aking narinig ang tinig ng iyong mga salita, na
nagsasabi, 9 Ako'y malinis na walang pagsalangsang; ako'y
walang sala, ni may kasamaan man sa akin: 10 Narito,
siya'y nakasumpong ng kadahilanan laban sa akin, ibinilang
niya ako na pinakakaaway: 11 Inilagay niya ang aking mga
paa sa mga pangawan, kaniyang pinupuna ang lahat na
aking landas. 12 Narito, ako'y sasagot sa iyo, dito'y hindi ka
ganap; sapagka't ang Dios ay dakila kay sa tao. 13 Bakit
ka nakikilaban sa kaniya? Sapagka't hindi siya nagbibigay
alam ng anoman sa kaniyang mga usap. 14 Sapagka't ang
Dios ay minsang nagsasalita, Oo, makalawa, bagaman
hindi pinakikinggan ng tao. 15 Sa isang panaginip, sa isang
pangitain sa gabi, pagka ang mahimbing na pagkakatulog ay
nahuhulog sa mga tao, sa mga pagkakatulog sa higaan;
16 Kung magkagayo'y ibinubukas niya ang mga pakinig ng
mga tao, at itinatatak ang kanilang turo, 17 Upang ihiwalay
ang tao sa kaniyang panukala, at ikubli ang kapalaluan
sa tao; 18 Kaniyang pinipigil ang kaniyang kaluluwa sa
pagbulusok sa hukay, at ang kaniyang buhay sa pagkamatay
sa pamamagitan ng tabak. 19 Siya nama'y pinarurusahan ng
sakit sa kaniyang higaan, at ng palaging antak sa kaniyang
mga buto: 20 Na anopa't kinayayamutan ng kaniyang
buhay ang tinapay, at ng kaniyang kaluluwa ang pagkaing
pinakamasarap, 21 Ang kaniyang laman ay natutunaw, na
hindi makita; at ang kaniyang mga buto na hindi nakita ay
nangalilitaw. 22 Oo, ang kaniyang kaluluwa ay nalalapit
sa hukay, at ang kaniyang buhay sa mga mangwawasak.
23 Kung doroong kasama niya ang isang anghel, isang
tagapagpaaninaw, na isa sa gitna ng isang libo, upang
ipakilala sa tao kung ano ang matuwid sa kaniya; 24 Kung
magkagayo'y binibiyayaan niya siya at nagsasabi, Iligtas
mo siya sa pagbaba sa hukay, ako'y nakasumpong ng
katubusan. 25 Ang kaniyang laman ay magiging sariwa kay
sa laman ng isang bata; siya'y bumabalik sa mga kaarawan
ng kaniyang kabataan: 26 Siya'y dumadalangin sa Dios,
at nililingap niya siya: na anopa't kaniyang nakikita ang
kaniyang mukha na may kagalakan: at kaniyang isinasa
tao ang kaniyang katuwiran. 27 Siya'y umaawit sa harap
ng mga tao, at nagsasabi, Ako'y nagkasala, at sumira ng
matuwid, at hindi ko napakinabangan: 28 Kaniyang tinubos
ang aking kaluluwa sa pagyao sa hukay, at ang aking buhay
ay makakakita ng liwanag. 29 Narito, ang lahat ng mga
bagay na ito ay gawa ng Dios, makalawa, oo, makaitlo sa
tao, 30 Upang ibalik ang kaniyang kaluluwa mula sa hukay,
upang siya'y maliwanagan ng liwanag ng buhay. 31 Pansinin
mong mabuti, Oh Job, dinggin mo ako: tumahimik ka, at
ako'y magsasalita. 32 Kung ikaw ay may anomang bagay na
sasabihin, sagutin mo ako: ikaw ay magsalita, sapagka't
ibig kong ariin kang ganap. 33 Kung hindi, dinggin mo ako:
tumahimik ka, at tuturuan kita ng karunungan.

**34** Bukod dito'y sumagot si Eliu, at nagsabi, 2 Dinggin
ninyo ang aking mga salita, kayong mga pantas; at
pakinggan ninyo ako, ninyong may kaalaman. 3 Sapagka't
ang pakinig ay tumitikim ng mga salita, gaya ng ngalangala
na lumalasa ng pagkain. 4 Ating piliin sa ganang atin ang
matuwid: ating alamin sa gitna natin kung ano ang mabuti. 5
Sapagka't sinabi ni Job, Ako'y matuwid, at inalis ng Dios
ang aking katuwiran: 6 Gayon ma'y akong may matuwid ay
nabilang akong sinungaling; at ang aking sugat ay walang
kagamutan, bagaman ako'y walang pagsalangsang. 7 Sinong
tao ang gaya ni Job, na umiinom ng pagkaduwahagi na tila
tubig, 8 Na yumayaon na kasama ng mga manggagawa ng
kasamaan, at lumalakad na kasama ng mga masamang tao?
9 Sapagka't kaniyang sinabi, Walang napapakinabang ang
tao na siya'y makapagpalugod sa Dios. 10 Kaya't dinggin
ninyo ako, ninyong mga lalaking may unawa: malayo nawa sa
Dios na siya'y gumawa ng masama; at sa Makapangyarihan
sa lahat, na siya'y magkamit ng kasamaan. 11 Sapagka't
ang gawa ng tao ay tutuusin niya sa kaniya, at ipatatagpo
sa bawa't tao ang ayon sa kaniyang mga lakad. 12 Oo, sa
katotohanan, ang Dios ay hindi gagawa ng kasamaan, ni ang
Makapangyarihan sa lahat ay sisira ng kahatulan. 13 Sinong
nagbigay sa kaniya ng bilin sa lupa? O sinong nagayos ng
buong sanglibutan? 14 Kung kaniyang ilagak ang kaniyang
puso sa tao, kung kaniyang pisanin sa kaniyang sarili ang
kaniyang espiritu at ang kaniyang hininga; 15 Tanang laman
ay mamamatay na magkakasama, at ang tao ay mababalik
uli sa alabok. 16 Kung ngayon ay mayroon kang unawa ay
dinggin mo ito: Dinggin mo ang tinig ng aking mga salita.
17 Mamamahala ba ang nagtatanim sa katuwiran? At iyo
bang parurusahan siyang ganap at may kaya? 18 Siya na
nagsabi sa isang hari: ikaw ay hamak? O sa mga mahal
na tao: Kayo'y masasama? 19 Na hindi gumagalang sa
mga pagkatao ng mga pangulo, ni nagpakundangan man
sa mayaman ng higit kay sa mahirap; sapagka't silang
lahat ay gawa ng kaniyang mga kamay. 20 Sa isang
sangdali ay nangamamatay sila, kahit sa hating gabi; ang
bayan ay inuuga at nawawala, at inaalis ang may kaya ng
wala man lamang kamay. 21 Sapagka't ang kaniyang mga
mata ay nangasa lakad ng tao, at nakikita niya ang lahat

niyang pagyaon. 22 Walang kadiliman, ni makapal man
pangungulimlim, na mapagtataguan ng mga manggagawa
ng kasamaan. 23 Sapagka't hindi na niya pakukundanganan
ang tao, upang siya'y humarap sa Dios sa kahatulan. 24
Kaniyang nilulturay ang mga makapangyarihang tao ng
mga paraang di masayod, at naglalagay ng mga iba na
kahalili nila. 25 Kaya't siya'y kumukuhang kaalaman sa
kanilang mga gawa; at kaniyang binabaligtad sila sa gabi,
na anopa't sila'y nangalilipol. 26 Kaniyang hinahampas sila
na parang masasamang tao sa hayag na paningin ng mga
iba, 27 Sapagka't sila'y nagsilihis ng pagsunod sa kaniya,
at hindi binulay ang anoman sa kaniyang mga lakad: 28
Na anopa't kaniyang pinadating ang daing ng dukha sa
kaniya, at dininig niya ang daing ng napipighati. 29 Pagka
siya'y nagbibigay ng katahimikan, sino ngang makahahatol?
At pagka kaniyang ikinukubli ang kaniyang mukha, sinong
makakakita sa kaniya? Maging gawin sa isang bansa, o sa
isang tao: 30 Upang ang taong di banal ay huwag maghari,
upang huwag maging silo sa bayan. 31 Sapagka't may
nagsabi ba sa Dios: Aking tinitiis ang parusa, hindi na ako
magkakasala pa: 32 Yaong hindi ko nakikita ay ituro mo sa
akin: kung ako'y nakagawa ng kasamaan hindi ko na ito
gagawin pa? 33 Mangyayari pa ba ang kaniyang kagantihan
na gaya ng iyong ibig na iyong tinatanggihan? Sapagka't
ikaw ang marapat pumili at hindi ako: kaya't salitain mo kung
ano ang iyong nalalaman. 34 Mga taong may unawa ay
magsasabi sa akin, Oo, bawa't pantas na taong nakakarinig
sa akin: 35 Si Job ay nagsasalita ng walang kaalaman. At
ang kaniyang mga salita ay walang karunungan. 36 Si Job
nawa'y subukin hanggang sa wakas, dahil sa ang kaniyang
sagot ay gaya ng mga masamang tao. 37 Sapagka't siya'y
nagdadagdag ng panghihimagsik sa kaniyang kasalanan,
kaniyang pinagagalaw ang kaniyang mga kamay sa gitna
natin, at pinararami ang kaniyang mga salita laban sa Dios.

**35** Bukod dito'y sumagot si Eliu, at nagsabi, 2 Iniisip
mo bang ito'y matuwid? O sinasabi mong: Ang aking
katuwiran ay higit kay sa Dios, 3 Na iyong sinasabi, Anong
pakinabang ang tatamuhin mo? At, anong pakinabang ang
tataglayin kong higit kung ako'y nagkasala? 4 Sasagutin kita,
at ang iyong mga kasamahang kasama mo. 5 Tumingala
ka sa mga langit at iyong tingnan; at masdan mo ang
mga alapaap na lalong mataas kay sa iyo. 6 Kung ikaw
ay nagkasala, anong iyong ginagawa laban sa kaniya? At
kung ang iyong mga pagsalangsang ay dumami, anong
iyong ginagawa sa kaniya? 7 Kung ikaw ay matuwid anong
ibinibigay mo sa kaniya? O anong tinatanggap niya sa iyong
kamay? 8 Ang iyong kasamaan ay makapagpapahamak
sa isang lalaking gaya mo; at ang iyong katuwiran ay
makapagpapakinabang sa anak ng tao. 9 Dahil sa karamihan
ng mga kapighatian, sila'y humihiyaw: sila'y humihingi ng
tulong dahil sa kamay ng makapangyarihan. 10 Nguni't
walang nagsasabing, Saan nandoon ang Dios na Maylalang
sa akin, na siyang nagbibigay ng awit kung gabi; 11 Na
siyang nagtuturo sa atin ng higit kay sa mga hayop sa
lupa. At ginagawa tayong lalong pantas kay sa mga ibon
sa himpapawid? 12 Doo'y tumatawag sila, nguni't walang
sumasagot, dahil sa kapalaluan ng mga masamang tao. 13
Tunay na hindi didinggin ng Dios ang walang kabuluhan, ni
pakukundanganan man ito ng Makapangyarihan sa lahat.
14 Gaano pa kaliit kung iyong sinasabing hindi mo nakikita
siya. Ang usap ay nasa harap niya, at iyong hinihintay siya!
15 Nguni't ngayon sapagka't hindi niya dinalaw sa kaniyang
galit, ni ginunita mang maigi; 16 Kaya't ibinubuka ni Job ang
kaniyang bibig sa walang kabuluhan; siya'y nagpaparami ng
mga salita na walang kaalaman.

**36** Si Eliu rin naman ay nagpatuloy at nagsabi, 2
Pagdalitaan mo akong sandali, at aking ipakikilala
sa iyo; sapagka't mayroon pa akong masasalita sa
pagsasanggalang sa Dios. 3 Dadalhin ko ang aking kaalaman
mula sa malayo, at aking itutungkol ang katuwiran sa
Maylalang sa akin. 4 Sapagka't tunay na ang aking mga
salita ay hindi kabulaanan: Siyang sakdal sa kaalaman
ay sumasaiyo. 5 Narito ang Dios ay makapangyarihan, at
hindi humahamak sa kanino man; siya'y makapangyarihan
sa lakas ng unawa. 6 Hindi niya pinanatili ang buhay ng
masama: nguni't nagbibigay ng matuwid sa napipighati. 7
Hindi niya inihihiwalay ang kaniyang mga mata sa matuwid:
kundi kasama ng mga hari sa luklukan, kaniyang itinatatag
sila magpakailan man, at sila'y natataas. 8 At kung sila'y
mapapangaw, at mapipigil sa mga panali ng kapighatian;
9 Itinuturo nga niya sa kanila ang kanilang gawa, at ang
kanilang mga pagsalangsang na kanilang pinalalo. 10
Ibinubuka rin naman niya ang kanilang pakinig sa turo,
at iniuutos na sila'y magsihiwalay sa kasamaan. 11 Kung
sila'y makinig at maglingkod sa kaniya, kanilang gugugulin
ang kanilang mga kaarawan sa kaginhawahan, at ang
kanilang mga taon sa kasayahan. 12 Nguni't kung hindi
sila mangakinig, sila'y mangamamatay sa pamamagitan
ng tabak, at sila'y mangamamatay na walang kaalaman.
13 Nguni't ang di banal sa puso ay nagbubunton ng galit:
hindi humihiyaw sila ng saklolo pagka tinatalian niya sila. 14
Sila'y nangamamatay sa kabataan, at ang kanilang buhay
ay napapahamak sa gitna ng marumi. 15 Inililigtas niya
ang mga dukha sa kanilang pagkapighati, at ibinubuka ang
kanilang mga pakinig sa pagkapighati. 16 Oo, hahanguin
ka niya mula sa kagipitan, hanggang sa luwal na dako
na walang kagipitan; at ang malalagay sa iyong dulang
ay mapupuno ng katabaan. 17 Nguni't ikaw ay puspos

ng kahatulan ng masama: kahatulan at kaganapan ang
humahawak sa iyo. 18 Sapagka't may poot, magingat ka
baka ikaw ay iligaw ng iyong kasiyahan; ni mailigaw ka man
ng kalakhan ng katubusan. 19 Mapapaari ba ang iyong sigaw
na ikaw ay hindi mapapasa kapanglawan, O ang madlang
lakas man ng iyong kalakasan? 20 Huwag mong nasain ang
gabi, pagka ang mga bayan ay nangahiwalay sa kanilang
kinaroroonang dako. 21 Ikaw ay magingat, huwag mong
lingunin ang kasamaan; sapagka't ito'y iyong pinili sa halip
ng kadalamhatian. 22 Narito, ang Dios ay gumagawa ng
mainam sa kaniyang kapangyarihan: sinong tagapagturo ang
gaya niya? 23 Sinong nagguhit sa kaniya ng kaniyang daan?
O sinong makapagsasabi, ikaw ay gumawa ng kalikuan? 24
Alalahanin mo na iyong dinakila ang kaniyang gawa, na
inawit ng mga tao. 25 Lahat ng mga tao'y nakakita noon;
makikita ito ng tao sa malayo. 26 Narito, ang Dios ay dakila,
at hindi natin nakikilala siya; hindi masayod ang bilang ng
kaniyang mga taon. 27 Sapagka't pinailanglang niya ang
mga patak ng tubig, na nagiging ulan mula sa singaw na
yaon: 28 Na ibinubuhos ng mga langit at ipinapatak na
sagana sa tao. 29 Oo, may makakaunawa ba ng paglaganap
ng mga alapaap, ng mga kulog ng kaniyang kulandong? 30
Narito, pinalalaganap niya ang kaniyang liwanag sa palibot
niya; at inaapawan ang kalaliman ng dagat. 31 Sapagka't
sa pamamagitan ng mga ito ay hinahatulan niya ang mga
bayan; siya'y nagbibigay ng pagkaing sagana. 32 Tinatakpan
niya ang kaniyang mga kamay ng kidlat; at ibinilin sa kidlat
na tumama sa pinakatanda. 33 Ang hugong niyaon ay
nagsasaysay ng tungkol sa kaniya, ang hayop nama'y ng
tungkol sa bagyo na dumarating.

37 Oo, dahil din dito'y nanginginig ang aking puso, at
napapabago sa kaniyang kinaroroonang dako. 2
Dinggin ninyo oh dinggin ang hiyaw ng kaniyang tinig, at
ang sigaw na lumalabas sa kaniyang bibig. 3 Kaniyang
ipinadadala sa silong ng buong langit, at ang kidlat niya'y sa
mga wakas ng lupa. 4 Sumunod nito'y isang hugong na
dumadagundong; siya'y kumukulog ng hugong ng kaniyang
karilagan: at hindi tumitigil doon kung naririnig ang kaniyang
tinig. 5 Ang Dios ay kumukulog na kagilagilalas ng kaniyang
tinig; dakilang mga bagay ang ginawa niya, na hindi natin
matalastas. 6 Sapagka't sinabi niya sa nieve, Lumagpak
ka sa lupa; gayon din sa ambon, at sa bugso ng kaniyang
malakas na ulan, 7 Tinatatakan niya ang kamay ng bawa't
tao: upang maalaman ng lahat ng mga tao na kaniyang
nilalang. 8 Kung gayo'y nagsisipasok ang mga hayop sa
mga lungga, at namamalagi sa kanilang mga tahanan. 9
Mula sa timog nanggagaling ang bagyo: at ang ginaw ay
mula sa hilagaan. 10 Sa pamamagitan ng hinga ng Dios ay
nayayari ang hielo: at ang kaluwangan ng tubig ay naiipit. 11
Oo, kaniyang nilalagyan ang masinsing ulap ng halomigmig;
kaniyang pinangangalat ang alapaap ng kaniyang kidlat:
12 At pumipihit sa palibot sa pamamagitan ng kaniyang
patnubay, upang kanilang gawin ang anomang iutos niya sa
kanila, sa ibabaw ng balat ng sanglibutang natatahanan: 13
Maging sa saway, o maging sa kaniyang lupain, o maging
sa kaawaan ay pinalilitaw niya. 14 Dinggin mo ito, Oh Job:
Tumigil ka, at bulayin ang kagilagilalas na mga gawa ng
Dios. 15 Nalalaman mo ba kung paanong pinararatangan
sila ng Dios, at pinasisilang ang kidlat ng kaniyang alapaap?
16 Nalalaman mo ba ang mga pagtitimbang ng mga alapaap,
ang kagilagilalas na mga gawa niya na sakdal sa kaalaman?
17 Paanong umiinit ang inyong mga suot, pagka tumatahimik
ang lupa sa pamamagitan ng hanging timugan? 18 Mailalatag
mo ba na kasama niya ang langit, na matibay na gaya ng
isang salaming binubo? 19 Ituro mo sa amin kung anong
aming sasabihin sa kaniya; sapagka't hindi namin maayos
ang aming pananalita dahil sa kadiliman. 20 Sasaysayin
ba sa kaniya na ako'y magsasalita? O iisipin ba ng isang
tao na siya'y sasakmalin. 21 At ngayo'y hindi nakikita ng
mga tao ang makinang na liwanag na nasa mga langit:
nguni't ang hangin ay dumadaan, at pinapalis ang mga
yaon. 22 Karilagang ginto ay nagmumula sa hilagaan; may
taglay ang Dios na kakilakilabot na karilagan. 23 Tungkol sa
Makapangyarihan sa lahat, hindi natin mauunawa; siya'y
marilag sa kapangyarihan; at sa kahatulan at saganang
kaganapan siya'y hindi pipighati. 24 Kinatatakutan nga siya
ng mga tao: hindi niya binibigyang pitagan ang sinomang
pantas sa puso.

38 Nang magkagayo'y sumagot ang Panginoon kay Job
mula sa ipoipo, at nagsabi, 2 Sino ito na nagpapadilim
ng payo sa pamamagitan ng mga salita na walang kaalaman?
3 Bigkisan mo ngayon ang iyong mga balakang na parang
lalake: sapagka't tatanungin kita at magpapahayag ka sa
akin. 4 Saan ka nandoon nang ilagay ko ang mga patibayan
ng lupa? Ipahayag mo, kung mayroon kang unawa. 5 Sinong
naglagay ng mga sukat niyaon, kung iyong nalalaman? O
sinong nagunat ng panukat diyan? 6 Sa ano nalagay ang
kaniyang mga patibayan? O sinong naglagay ng batong
panulok niyaon; 7 Nang magsiawit na magkakasama ang
mga bituin pang-umaga. At ang lahat ng mga anak ng Dios
ay naghihiyawan sa kagalakan? 8 O sinong nagsara ng mga
pinto sa dagat, nang magpumiglas na gaya ng pagpiglas
mula sa bahay-bata? 9 Nang gawin ko ang alapaap na
bihisan niyaon, at ang salimuot na kadiliman na pinakabalot
niyaon, 10 At aking itinatag doon ang aking pasiya, at
nilagyan ko ng mga halang at mga pinto, 11 At aking sinabi,
Hanggang dito ay darating ka, nguni't hindi ka na lalagpas:
at dito'y titigil ang iyong mga palalong alon? 12 Nagutos ka

ba sa umaga mula sa iyong mga kaarawan, at ipinabatid
mo ba sa bukang liwayway ang kaniyang dako; 13 Upang
humawak sa mga wakas ng lupa, at ang masasama ay
maugoy doon? 14 Nababagong parang putik sa ilalim ng
tatak; at lahat ng mga bagay ay nagiging gaya ng bihisan: 15
At sa masama ay inalis ang kanilang liwanag, at ang mataas
na kamay ay mababali. 16 Pumasok ka ba sa mga bukal ng
dagat? O lumakad ka ba sa mga landas ng kalaliman? 17
Nangahayag ba sa iyo ang mga pintuan ng kamatayan?
O nakita mo ba ang mga pinto ng anino ng kamatayan?
18 Iyo bang nabatid ang kaluwangan ng lupa? Ipahayag
mo, kung iyong nalalamang lahat. 19 Saan nandoon ang
daan na patungo sa tahanan ng liwanag, at tungkol sa
kadiliman, saan nandoon ang dako niyaon; 20 Upang iyong
madala sa hangganan niyaon, at upang iyong gunitain
ang mga landas hanggang sa bahay niyaon? 21 Marahil
nalalaman mo, sapagka't ikaw nga'y ipinanganak noon, at
ang bilang ng iyong mga kaarawan ay marami? 22 Pumasok
ka ba sa mga tipunan ng nieve, o nakita mo ba ang mga
tipunan ng granizo, 23 Na aking itinaan laban sa panahon
ng kabagabagan, laban sa kaarawan ng pagbabaka at
pagdidigma? 24 Sa aling daan naghiwalay ang liwanag, o sa
hanging silanganan na lumalaganap sa ibabaw ng lupa? 25
Sinong humukay ng bangbang sa mga bugso ng tubig, o ng
daanan ng kidlat ng kulog; 26 Upang magpaulan sa lupa, na
hindi tinatahanan ng tao, sa ilang na doon ay walang tao. 27
Upang busugin ang giba at sirang lupa; at upang pasibulin
ang sariwang damo? 28 May ama ba ang ulan? O sinong
nanganak sa mga patak ng hamog? 29 Sa kaninong bahay-
bata nagmula ang hielo? At ang escarcha sa himpapawid,
ay ipinanganak nino? 30 Ang mga tubig ay nakukubling gaya
ng bato, at ang ibabaw ng kalaliman ay namumuno. 31
Matatalian mo ba ang pagkakaumpukan ng mga bituin na
Pleyade, o makakalagan ang tali ng mga bituin na Orion? 32
Mailalabas mo ba ang mga bituin na mga tanda ng Zodiaco
sa kanilang kapanahunan? O mapapatnubayan mo ba ang
Oso na kasama ng kaniyang mga anak? 33 Nalalaman mo
ba ang mga alituntunin ng langit? Maitatatag mo ba ang
kapangyarihan niyaon sa lupa? 34 Mailalakas mo ba ang
iyong tinig hanggang sa mga alapaap, upang takpan ka ng
saganang tubig? 35 Makapagsusugo ka ba ng mga kidlat,
upang magsiyaon, at magsabi sa iyo: Nangarito kami? 36
Sinong naglagay ng karunungan sa mga pinakaloob na
bahagi? O sinong nagbigay ng kaalaman sa pagiisip? 37
Sinong makabibilang ng mga alapaap sa pamamagitan ng
karunungan? O sinong makatutuyo ng mga botelya ng langit,
38 Pagka ang alabok ay napuputik, at ang mga bugal ay
nanganinikit na maigi? 39 Huhuli ka ba ng mahuhuli na ukol
sa leong babae? O bubusugin mo baga ang kagutoman ng
mga batang leon, 40 Pagka sila'y nagsisihilig sa kanilang
mga lungga, at nagsisitahan sa guwang upang bumakay?
41 Sinong naghahanda sa uwak ng pagkain niya, pagka ang
kaniyang mga inakay ay nagsisidaing sa Dios, at nagsisigala
sa kakulangan ng pagkain.

**39** Nalalaman mo ba ang panahong ipinanganganak ng
mga kambing bundok? O matatandaan mo ba ang
mga pagdaramdam ng mga usa? 2 Mabibilang mo ba
ang mga buwan ng kanilang kagampanan? O nalalaman
mo ba ang panahong kanilang ipinanganak? 3 Sila'y
nagsisiyuko, kanilang inilalabas ang kanilang mga anak,
kaniyang iniwawaksi ang kanilang kapanglawan. 4 Ang
kanilang mga anak ay nagiging malakas, sila'y nagsisilaki
sa kaparangan; sila'y nagsisiyao at hindi na nagsisibalik.
5 Sinong nagpakawala sa mabangis na asno? O sinong
nagkalag ng mga tali ng mailap na asno? 6 Na ginawa kong
bahay niya ang ilang, at ang lupaing maasin na kaniyang
tahanan. 7 Kaniyang nililibak ang kaguluhan ng bayan.
Ni hindi niya dinidinig ang sigaw ng nagpapatakbo ng
hayop. 8 Ang libot ng mga bundok ay kaniyang pastulan,
at kaniyang sinasaliksik ang bawa't sariwang bagay. 9
Matutuwa ba ang bakang gubat na maglingkod sa iyo? O
matitira ba sa siping ng iyong pasabsaban? 10 Matatalian
mo ba ang bakang gubat ng iyong panali sa pangbukid? O
magbubusagsag ba ng mga libis sa likuran mo? 11 Aasa
ka ba sa kaniya, dahil sa siya'y totoong malakas? O iiwan
mo ba ang iyong gawain sa kaniya? 12 Ipagkakatiwala
mo ba sa kaniya na iuuwi sa bahay ang iyong binhi, at
pipisanin ang mga butil sa iyong giikan? 13 Ang pakpak ng
avestruz ay nagagalak; nguni't may kagandahang loob ba
ang kanilang mga pakpak at mga balahibo? 14 Sapagka't
nagiiwan ng kaniyang mga itlog sa lupa, at pinaiinit ang
mga yaon sa alabok, 15 At kinalilimutang mangapipisa
ng paa, o mangayuyurakan ng mabangis na hayop. 16
Siya'y nagmamatigas laban sa kaniyang mga sisiw na tila
hindi kaniya: bagaman ang kaniyang gawa ay mawalang
kabuluhan, hindi niya ikinatatakot; 17 Sapagka't binawian
siya ng Dios ng karunungan, ni hindi siya binahaginan
ng unawa. 18 Anomang panahon na siya'y napaiitaas,
hinahamak niya ang kabayo at ang sakay nito. 19 Nagbigay
ka ba sa kabayo ng kalakasan? Binihisan mo ba ang
kaniyang leeg ng buhok na gumagalaw? 20 Pinalulukso mo
ba siya na parang balang? Ang kaluwalhatian ng kaniyang
bahin ay kakilakilabot. 21 Siya'y kumukutkot sa libis, at
nagagalak sa kaniyang kalakasan, siya'y sumasagupa sa
mga taong may sandata. 22 Tinutuya niya ang takot at
hindi nanglulupaypay: ni hindi tinatalikuran ang tabak. 23
Ang suksukan ng pana ay tumutunog laban sa kaniya, ang
makintab na sibat at ang kalasag. 24 Kaniyang sinasakmal

ang lupa na may kabangisan at poot; ni hindi siya naniniwala
na yao'y tunog ng pakakak. 25 Kaniyang sinasabi sa tuwing
tutunog ang mga pakakak: Aha! At kaniyang naaamoy ang
pagbabaka sa malayo, ang sigaw ng mga kapitan at ang
hiyaw. 26 Lumilipad ba ang uwak sa pamamagitan ng inyong
karunungan, at iniuunat ba ang kaniyang mga pakpak sa
dakong timugan? 27 Napaiilanglang ba ang agila sa iyong
utos, at gumagawa ba ng kaniyang pugad sa itaas? 28
Sila'y nananahan sa malaking bato, at doon tumitira, sa
taluktok ng burol at sa katibayan, 29 Mula roo'y tumitingin
siya ng madadagit; ang kaniyang mga mata ay tumatanaw
sa malayo. 30 Ang mga anak naman niya ay nagsisihitit ng
dugo: at kung saan naroon ang pinatay ay naroon siya.

**40** Bukod dito'y sumagot ang Panginoon kay Job, at
nagsabi, 2 Magmamatapang ba siya na makipagtalo
sa Makapangyarihan sa lahat? Siyang nakikipagkatuwiranan
sa Dios, ay sagutin niya ito. 3 Nang magkagayo'y sumagot
si Job sa Panginoon, at nagsabi, 4 Narito, ako'y walang
kabuluhan; anong isasagot ko sa iyo? Aking inilalagay
ang aking kamay sa aking bibig, 5 Minsan ay nagsalita
ako, at hindi ako sasagot: Oo, makalawa, nguni't hindi
ako magpapatuloy. 6 Nang magkagayo'y sumagot ang
Panginoon kay Job mula sa ipoipo, at nagsabi, 7 Magbigkis
ka ng iyong mga balakang ngayon na parang lalake: ako'y
magtatanong sa iyo at magpahayag ka sa akin. 8 Iyo
bang wawaling kabuluhan ang aking kahatulan? Iyo bang
hahatulan ako, upang ikaw ay ariing ganap? 9 O mayroon ka
bang kamay na parang Dios? At makakukulog ka ba ng tinig
na gaya niya? 10 Magpakagayak ka ngayon ng karilagan at
karapatan; at magbihis ka ng karangalan at kalakhan. 11
Ibugso mo ang mga alab ng iyong galit: at tunghan mo ang
bawa't palalo, at abain mo siya. 12 Masdan mo ang bawa't
palalo, at papangumbabain mo siya; at iyong tungtungan
ang masama sa kaniyang tayuan. 13 Ikubli mo sila sa alabok
na magkakasama; talian mo ang kanilang mukha sa lihim
na dako. 14 Kung magkagayo'y ipahayag naman kita; na
maililigtas ka ng iyong kanan. 15 Narito ngayon, ang hayop
na behemot na aking ginawang kasama mo: siya'y kumakain
ng damo na gaya ng baka. 16 Narito, ngayon, ang kaniyang
lakas ay nasa kaniyang mga balakang, at ang kaniyang
kalakasan ay nasa kalamnan ng kaniyang tiyan. 17 Kaniyang
iginagalaw ang kaniyang buntot na parang isang cedro: ang
mga litid ng kaniyang mga hita ay nangagkakasabiran. 18
Ang kaniyang mga buto ay parang mga tubong tanso; ang
kaniyang mga paa ay parang mga halang na bakal. 19 Siya
ang pinakapangulo sa mga daan ng Dios: ang lumalang
sa kaniya, ang makapaglalapit lamang ng tabak sa kaniya.
20 Tunay na ang mga bundok ay naglalabas sa kaniya ng
pagkain; na pinaglalaruan ng lahat ng mga hayop sa parang.
21 Siya'y humihiga sa ilalim ng punong loto, sa puwang ng
mga tambo, at mga lumbak. 22 Nilililiman siya ng mga puno
ng loto ng kanilang lilim; nililigid sa palibot ng mga sauce
sa batis. 23 Narito, kung bumubugso ang isang ilog hindi
nanginginig: siya'y tiwasay bagaman umapaw ang Jordan
hanggang sa kaniyang bunganga. 24 May kukuha ba sa
kaniya pag siya'y natatanod, o may tutuhog ba ng kaniyang
ilong sa pamamagitan ng isang silo.

**41** Mahuhuli mo ba ang buwaya ng isang bingwit? O
mailalabas mo ba ang kaniyang dila ng isang panali?
2 Makapaglalagay ka ba ng tali sa kaniyang ilong? O
makabubutas sa kaniyang panga ng isang taga ng bingwit?
3 Mamamanhik ba siya ng marami sa iyo? O magsasalita ba
siya ng mga malumanay na salita sa iyo? 4 Makikipagtipan
ba siya sa iyo, upang ariin mo siyang alipin magpakailan
man? 5 Makikipaglaro ka ba sa kaniya na gaya sa isang
ibon? O iyong tatalian ba siya para sa iyong mga dalaga?
6 Makakalakal ba siya ng mga pulutong ng mangingisda?
Mababahagi ba siya nila sa mga mangangalakal? 7 Mahihiwa
mo ba ang kaniyang balat ng sundang na bakal, o ang
kaniyang ulo ng panaksak ng isda? 8 Ipatong mo ang
iyong kamay sa kaniya; alalahanin mo ang pagbabaka
at huwag mo nang gawin. 9 Narito, ang pagasa riyan
ay walang kabuluhan: hindi ba malulugmok ang sinoman
makita lamang yaon? 10 Walang malakas na makapangahas
kumilos niyaon: sino ngang makatatayo sa harap ko? 11
Sinong naunang nagbigay sa akin upang aking bayaran
siya? Anomang nasa silong ng buong langit ay akin. 12
Hindi ako tatahimik tungkol sa kaniyang mga sangkap ng
katawan, ni sa kaniya mang dakilang kapangyarihan, ni sa
kaniya mang mainam na hugis. 13 Sinong makapaglilitaw na
karayagan ng kaniyang mga damit? Sinong makalalapit sa
kaniyang magkasaping pangil? 14 Sinong makapagbubukas
ng mga pinto ng kaniyang mukha? Sa palibot ng kaniyang
ngipin ay kakilabutan. 15 Ang kaniyang mga matibay na
palikpik ay kaniyang kapalaluan, nangagkakadikit na maigi
na gaya sa isang tatak na mahigpit. 16 Nagkakadikit sa isa't
isa, na ang hangin ay hindi makaraan sa pagitan sa mga
yaon. 17 Sila'y nagkakasugpongan sa isa't isa; Nagkakalakip
na magkasama, na hindi maihihiwalay. 18 Ang kanilang
mga bahin ay kumikislap ng apoy, at ang kanilang mga
mata ay gaya ng mga bukang liwayway kung umaga. 19
Mula sa kaniyang bibig ay lumalabas ang nagliliyab na
sulo, at mga alipatong apoy ay nagsisilabas. 20 Mula sa
kaniyang mga butas ng ilong ay lumalabas ang usok, na
gaya ng isang kumukulong talyasi at nagniningas na mga
talahib. 21 Ang kaniyang hinga ay nagpapaningas ng mga
baga, at isang alab ay lumalabas sa kaniyang bibig. 22 Sa
kaniyang leeg ay tumitira ang kalakasan, at ang kakilabutan

ay sumasayaw sa harap niya. 23 Ang mga kaliskis ng
kaniyang laman ay nangagkakadikitan; nangagtutumibay
sa kaniya; hindi magagalaw. 24 Ang kaniyang puso ay
matatag na gaya ng isang bato; Oo, matatag na gaya ng
batong pangibaba ng gilingan. 25 Pagka siya'y tumitindig ay
natatakot ang makapangyarihan: dahil sa pagkagulat ay
nangalilito sila. 26 Kung siya'y tagain ninoman ng tabak ay
hindi tumatalab; ni ng sibat man, ng pana, ni ng matalas na
tulis man. 27 Kaniyang ipinalalagay ang bakal na parang
dayami, at ang tanso na parang lapok na kahoy. 28 Hindi
niya mapatakas ng palaso: ang mga batong panghilagpos ay
nagiging sa kaniya'y parang pinagputulan ng trigo. 29 Ang
mga panakbat ay nangapapalagay na parang pinagputulan
ng trigo: kaniyang tinatawanan ang galaw ng sibat. 30
Ang kaniyang mga sangkap sa ibaba ay gaya ng mga
matulis na bibinga: lumalaganap na tila saksak sa banlik.
31 Kaniyang pinagpapakuluan ang kalaliman na parang
palyok: kaniyang ginagawa ang dagat na parang pamahid.
32 Kaniyang pinasisilang ang landas sa likuran niya; aakalain
ng sinoman na mauban ang kalaliman. 33 Sa ibabaw ng lupa
ay walang gaya niya, na likhang walang takot. 34 Kaniyang
minamasdan ang bawa't mataas na bagay: siya'y hari sa
lahat ng mga anak na palalo.

**42** Nang magkagayo'y sumagot si Job sa Panginoon,
at nagsabi, 2 Nalalaman ko na magagawa mo ang
lahat ng mga bagay, at wala kang akala na mapipigil.
3 Sino itong nagkukubli ng payo na walang kaalaman?
Kaya't aking sinambit na hindi ko nauunawa, mga bagay
na totoong kagilagilalas sa akin na hindi ko nalalaman. 4
Dinggin mo, isinasamo ko sa iyo, at ako'y magsasalita; ako'y
magtatanong sa iyo, at magpahayag ka sa akin. 5 Narinig
kita sa pakikinig ng pakinig; nguni't ngayo'y nakikita ka ng
aking mata, 6 Kaya't ako'y nayayamot sa sarili, at nagsisisi
ako sa alabok at mga abo. 7 At nangyari, na pagkatapos na
masalita ng Panginoon ang mga salitang ito kay Job, sinabi
ng Panginoon kay Eliphaz na Temanita, Ang aking poot ay
nagaalab laban sa iyo, at laban sa iyong dalawang kaibigan:
sapagka't hindi kayo nangagsalita tungkol sa akin ng bagay
na matuwid, na gaya ng ginawa ng aking lingkod na si Job.
8 Kaya't magsikuha kayo sa inyo ngayon ng pitong guyang
baka, at pitong lalaking tupa, at magsiparoon kayo sa aking
lingkod na kay Job, at ihandog ninyo sa ganang inyo na
pinakahandog na susunugin: at idadalangin kayo ng aking
lingkod na si Job: sapagka't siya'y aking tatanggapin, baka
kayo'y aking gawan ng ayon sa inyong kamangmangan;
sapagka't hindi kayo nangagsasalita tungkol sa akin ng
bagay na matuwid, na gaya ng aking lingkod na si Job. 9 Sa
gayo'y nagsiyaon si Eliphaz na Temanita, at si Bildad na
Suhita, at si Sophar na Naamatita, at ginawa ang ayon sa
iniutos sa kanila ng Panginoon: at nilingap ng Panginoon
si Job. 10 At inalis ng Panginoon ang pagkabihag ni Job,
nang kaniyang idalangin ang kaniyang mga kaibigan; at
binigyan ng Panginoon si Job na makalawa ang higit ng
dami kay sa tinatangkilik niya ng dati. 11 Nang magkagayo'y
nagsiparoon sa kaniya ang lahat niyang mga kapatid na
lalake at babae, at lahat na naging kakilala niya ng una, at
nagsikain ng tinapay na kasalo niya sa kaniyang bahay; at
nakipagdamdam sa kaniya, at inaliw siya tungkol sa lahat
na kasamaan na pinasapit sa kaniya ng Panginoon: bawa't
tao nama'y nagbigay sa kaniya ng isang putol na salapi,
at bawa't isa'y ng isang singsing na ginto. 12 Sa gayo'y
pinagpala ng Panginoon, ang huling wakas ni Job na higit
kay sa kaniyang pasimula: at siya'y nagkaroon ng labing
apat na libong tupa, at anim na libong kamelyo, at isang
libong tuwang na baka, at isang libong asnong babae. 13
Siya nama'y nagkaroon din ng pitong anak na lalake at
tatlong anak na babae. 14 At tinawag niya ang pangalan ng
una na Jemima; at ang pangalan ng ikalawa, Cesiah, at ang
pangalan ng ikatlo, Keren-hapuch. 15 At sa buong lupain ay
walang mga babaing masumpungan na totoong maganda
na gaya ng mga anak na babae ni Job: at binigyan sila ng
kanilang ama ng mana sa kasamahan ng kanilang mga
kapatid. 16 At pagkatapos nito'y nabuhay si Job na isang
daan at apat na pung taon, at nakita niya ang kaniyang mga
anak, at ang mga anak ng kaniyang mga anak, hanggang sa
apat na saling lahi. 17 Gayon namatay si Job, na matanda at
puspos ng mga kaarawan.

# Mga Awit

1 Mapalad ang tao na hindi lumalakad sa payo ng masama,
ni tumatayo man sa daan ng mga makasalanan, ni
nauupo man sa upuan ng mga manglilibak. 2 Kundi ang
kaniyang kasayahan ay nasa kautusan ng Panginoon; at
sa kautusan niya nagbubulaybulay siya araw at gabi. 3
At siya'y magiging parang punong kahoy na itinanim sa
siping ng mga agos ng tubig, na nagbubunga sa kaniyang
kapanahunan, ang kaniyang dahon nama'y hindi malalanta;
at anumang kaniyang gawin ay giginhawa. 4 Ang masama
ay hindi gayon; kundi parang ipa na itinataboy ng hangin.
5 Kaya't ang masama ay hindi tatayo sa paghatol, ni ang
mga makasalanan man sa kapisanan ng mga matuwid.
6 Sapagka't nalalaman ng Panginoon ang lakad ng mga
matuwid: nguni't ang lakad ng masama ay mapapahamak.

2 Bakit ang mga bansa ay nangagugulo, at ang mga bayan
ay nangagaakala ng walang kabuluhang bagay? 2 Ang
mga hari sa lupa ay nagsisihanda, at ang mga pinuno ay
nagsasanggunian, Laban sa Panginoon at laban sa kaniyang
pinahiran ng langis, na sinasabi: 3 Lagutin natin ang kanilang
tali, at ating iwaksi ang kanilang mga panali sa atin. 4
Siyang nauupo sa kalangitan ay tatawa: ilalagay (sila) ng
Panginoon sa kakutyaan. 5 Kung magkagayo'y magsasalita
siya sa kanila sa kaniyang poot, at babagabagin (sila) sa
kaniyang malabis na sama ng loob: 6 Gayon ma'y inilagay
ko ang aking hari sa aking banal na bundok ng Sion. 7 Aking
sasaysayin ang tungkol sa pasiya: sinabi ng Panginoon sa
akin, Ikaw ay aking anak; sa araw na ito ay ipinanganak kita.
8 Humingi ka sa akin, at ibibigay ko sa iyo ang mga bansa
na iyong pinakamana, at ang mga pinakadulong bahagi ng
lupa ay iyong pinakaari. 9 Sila'y iyong babaliin ng isang
pamalong bakal; iyong dudurugin (sila) na parang isang
sisidlan ng magpapalyok. 10 Ngayon nga'y magpakapantas
kayo, Oh kayong mga hari: mangatuto kayo, kayong mga
hukom sa lupa. 11 Kayo'y mangaglingkod sa Panginoon na
may takot, at mangagalak na may panginginig. 12 Hagkan
ninyo ang anak, baka magalit siya, at kayo'y mangapahamak
sa daan, sapagka't ang kaniyang poot ay madaling magalab.
Mapapalad ang nanganganlong sa kaniya.

3 Panginoon, ano't ang aking mga kaaway ay nagsisidami!
Marami (sila) na nagsisibangon laban sa akin. 2 Marami
ang nagsasabi sa aking kaluluwa: walang tulong sa kaniya
ang Dios. (Selah) 3 Nguni't ikaw, Oh Panginoon ay isang
kalasag sa palibot ko: aking kaluwalhatian; at siyang
tagapagtaas ng aking ulo. 4 Ako'y dumadaing ng aking tinig
sa Panginoon, at sinasagot niya ako mula sa kaniyang banal
na bundok. (Selah) 5 Ako'y nahiga, at natulog; ako'y nagising;
sapagka't inaalalayan ako ng Panginoon. 6 Ako'y hindi
matatakot sa sangpung libo ng bayan, na nagsihanda laban
sa akin sa buong palibot. 7 Bumangon ka, Oh Panginoon;
iligtas mo ako, Oh aking Dios: sapagka't iyong sinampal
ang lahat ng aking mga kaaway; iyong binungal ang mga
ngipin ng masasama. 8 Pagliligtas ay ukol sa Panginoon:
sumaiyong bayan nawa ang iyong pagpapala. (Selah)

4 Sagutin mo ako, pagka tumatawag ako, Oh Dios ng
aking katuwiran; inilagay mo ako sa kaluwagan, nang
ako'y nasa kagipitan: maawa ka sa akin, at dinggin mo ang
aking dalangin. 2 Oh kayong mga anak ng tao, hanggang
kailan magiging kasiraang puri ang aking kaluwalhatian?
Gaano katagal iibigin ninyo ang walang kabuluhan, at
hahanap sa kabulaanan? (Selah) 3 Nguni't talastasin ninyo
na ibinukod ng Panginoon sa ganang kaniyang sarili ang
banal: didinggin ng Panginoon pagka ako'y tumawag sa
kaniya. 4 Kayo'y magsipanginig, at huwag mangagkasala:
mangagbulaybulay kayo ng inyong puso sa inyong higaan, at
kayo'y magsitahimik. 5 Mangaghandog kayo ng mga hain ng
katuwiran, at ilagak ninyo ang inyong tiwala sa Panginoon. 6
Marami ang mangagsasabi, sinong magpapakita sa amin ng
mabuti? Panginoon, pasilangin mo ang liwanag ng iyong
mukha sa amin. 7 Ikaw ay naglagay ng kasayahan sa aking
puso, ng higit kay sa kanilang tinatangkilik nang ang kanilang
butil, at kanilang alak ay magsidami. 8 Payapa akong
hihiga at gayon din matutulog: sapagka't ikaw, Panginoon,
pinatatahan mo akong mag-isa sa katiwasayan.

5 Pakinggan mo ang aking mga salita, Oh Panginoon,
pakundanganan mo ang aking pagbubulaybulay. 2 Dinggin
mo ang tinig ng aking daing, Hari ko, at Dios ko; sapagka't sa
iyo'y dumadalangin ako. 3 Oh Panginoon, sa kinaumagaha'y
didinggin mo ang aking tinig; sa kinaumagahan ay aayusin ko
ang aking dalangin sa iyo, at magbabantay ako. 4 Sapagka't
ikaw ay di isang Dios na may kaluguran sa kasamaan: ang
masama ay hindi tatahang kasama mo. 5 Ang hambog ay
hindi tatayo sa iyong paningin: iyong kinapopootan ang lahat
na mga manggagawa ng kalikuan. 6 Iyong lilipulin (sila)
na nangagsasalita ng mga kabulaanan: kinayayamutan ng
Panginoon ang taong mabangis at magdaraya, 7 Nguni't
sa ganang akin, sa kasaganaan ng iyong kagandahang-
loob ay papasok ako sa iyong bahay; sa takot sa iyo
ay sasamba ako sa dako ng iyong banal na templo. 8
Patnubayan mo ako, Oh Panginoon, sa iyong katuwiran
dahil sa aking mga kaaway; patagin mo ang iyong daan
sa harapan ko. 9 Sapagka't walang pagtatapat sa kanilang
bibig; ang kanilang kalooban ay tunay na kasamaan; ang
kanilang lalamunan ay bukas na libingan; sila'y nanganunuya
ng kanilang dila. 10 Bigyan mong sala (sila) Oh Dios;

ibuwal mo (sila) sa kanilang sariling mga payo: palayasin
mo (sila) sa karamihan ng kanilang mga pagsalangsang;
Sapagka't sila'y nanganghimagsik laban sa iyo, **11** Nguni't
iyong pagalakin ang lahat na nagsisipagkanlong sa iyo,
pahiyawin mo nawa (sila) sa kagalakan magpakailan man,
sapagka't iyong ipinagsasanggalang (sila) mangagalak nawa
rin sa iyo ang nagsisiibig ng iyong pangalan. **12** Sapagka't
iyong pagpapalain ang matuwid; Oh Panginoon, lilibirin mo
siya ng paglingap na gaya ng isang kalasag.

**6** Oh Panginoon, huwag mo akong sawayin sa iyong
galit, ni parusahan mo man ako sa iyong mahigpit
na sama ng loob. **2** Maawa ka sa akin, Oh Panginoon;
sapagka't ako'y naluluoy, Oh Panginoon, pagalingin mo
ako; sapagka't ang aking mga buto ay nagsisipangalog. **3**
Ang akin ding kaluluwa ay nababagabag na mainam: at
ikaw, Oh Panginoon, hanggang kailan? **4** Bumalik ka, Oh
Panginoon, palayain mo ang aking kaluluwa: iligtas mo ako
alangalang sa iyong kagandahang-loob. **5** Sapagka't sa
kamatayan ay walang alaala sa iyo; sa Sheol ay sinong
mangagpapasalamat sa iyo? **(Sheol h7585)** **6** Ako'y pagal
ng aking pagdaing; gabigabi ay aking pinalalangoy ang
aking higaan; Aking dinidilig ang aking hiligan ng aking mga
luha. **7** Ang aking mga mata ay nangamumugto dahil sa
kapanglawan; tumatanda ako dahil sa aking lahat na kaaway.
**8** Magsilayo kayo sa akin, kayong lahat na manggagawa
ng kasamaan: sapagka't narinig ng Panginoon ang tinig
ng aking pagtangis. **9** Narinig ng Panginoon ang aking
pananaing; tatanggapin ng Panginoon ang aking dalangin.
**10** Lahat ng kaaway ko'y mapapahiya, at mababagabag na
mainam: sila'y magsisibalik, sila'y mangapapahiyang kagyat.

**7** Oh Panginoon kong Dios, sa iyo nanganganlong ako.
Iligtas mo ako sa lahat na nagsisihabol sa akin, at
palayain mo ako: **2** Baka lurayin nila na gaya ng leon ang
aking kaluluwa, na lurayin ito, habang walang magligtas. **3**
Oh Panginoon kong Dios, kung ginawa ko ito; kung may
kasamaan sa aking mga kamay; **4** Kung ako'y gumanti ng
kasamaan sa kaniya na may kapayapaan sa akin; (Oo, aking
pinawalan siya, na walang anomang kadahilanan ay naging
aking kaaway: ) **5** Habulin ng kaaway ang aking kaluluwa, at
abutan; Oo, yapakan niya ang aking kaluluwa sa lupa, at
ilagay ang aking kaluwalhatian sa alabok. (Selah) **6** Ikaw
ay bumangon, Oh Panginoon, sa iyong galit, magpakataas
ka laban sa poot ng aking mga kaaway; at gumising ka
dahil sa akin; ikaw ay nagutos ng kahatulan. **7** At ligirin
ka ng kapisanan ng mga bayan sa palibot: at sila'y pihitan
mong nasa mataas ka. **8** Ang panginoo'y nangangasiwa ng
kahatulan sa mga bayan: iyong hatulan ako, Oh Panginoon,
ayon sa aking katuwiran, at sa aking pagtatapat na nasa
akin. **9** Oh wakasan ang kasamaan ng masama, nguni't
itatag mo ang matuwid; sapagka't sinubok ng matuwid na
Dios ang mga pagiisip at ang mga puso. **10** Ang aking
kalasag ay sa Dios. na nagliligtas ng matuwid sa puso. **11**
Ang Dios ay matuwid na hukom, Oo, Dios na may galit araw-
araw. **12** Kung ang tao ay hindi magbalik-loob, kaniyang
ihahasa ang kaniyang tabak; kaniyang iniakma ang kaniyang
busog, at inihanda. **13** Inihanda rin naman niya ang mga
kasangkapan ng kamatayan; kaniyang pinapagniningas ang
kaniyang mga pana. **14** Narito, siya'y nagdaramdam ng
kasamaan; Oo, siya'y naglihi ng kasamaan, at nanganak
ng kabulaanan. **15** Siya'y gumawa ng balon, at hinukay, at
nahulog sa hukay na kaniyang ginawa. **16** Ang kaniyang
gawang masama ay magbabalik sa kaniyang sariling ulo,
at ang kaniyang pangdadahas ay babagsak sa kaniyang
sariling bunbunan. **17** Ako'y magpapasalamat sa Panginoon,
ayon sa kaniyang katuwiran: at aawit ng pagpupuri sa
pangalan ng Panginoon na Kataastaasan.

**8** Oh Panginoon, aming Panginoon, pagkarilag ng iyong
pangalan sa buong lupa! na siyang naglagay ng inyong
kaluwalhatian sa mga langit. **2** Mula sa bibig ng mga sanggol
at ng mga sumususo ay iyong itinatag ang kalakasan, dahil
sa iyong mga kaaway, upang iyong patahimikin ang kaaway
at ang manghihiganti. **3** Pagka binubulay ko ang iyong
mga langit, ang gawa ng iyong mga daliri, ang buwan at
ang mga bituin na iyong inayos; **4** Ano ang tao upang
iyong alalahanin siya? At ang anak ng tao, upang iyong
dalawin siya? **5** Sapagka't iyong ginawa siyang kaunting
mababa lamang kay sa Dios, at pinaputungan mo siya ng
kaluwalhatian at karangalan. **6** Iyong pinapagtataglay siya
ng kapangyarihan sa mga gawa ng iyong mga kamay; iyong
inilagay ang lahat ng mga bagay sa ilalim ng kaniyang mga
paa: **7** Lahat na tupa at baka, Oo, at ang mga hayop sa
parang; **8** Ang mga ibon sa himpapawid, at ang mga isda
sa dagat, anomang nagdaraan sa mga kalaliman ng mga
dagat. **9** Oh Panginoon, aming Panginoon, pagkarilag ng
iyong pangalan sa buong lupa!

**9** Ako'y magpapasalamat sa Panginoon ng aking buong
puso; aking ipakikilala ang lahat na iyong kagilagilalas na
mga gawa. **2** Ako'y magpapakasaya at magpapakagalak
sa iyo: ako'y aawit ng pagpuri sa iyong pangalan, Oh
ikaw na kataastaasan. **3** Pagka ang aking mga kaaway ay
magsisibalik, sila'y matitisod at malilipol sa iyong harapan.
**4** Sapagka't iyong inalalayan ang aking matuwid at ang
aking usap; ikaw ay nauupo sa luklukan na humahatol na
may katuwiran. **5** Iyong sinaway ang mga bansa, iyong
nilipol ang masama, iyong pinawi ang kanilang pangalan
magpakailan man. **6** Ang kaaway ay dumating sa wakas,

sila'y lipol magpakailan man; at ang mga siyudad na iyong dinaig, ang tanging alaala sa kanila ay napawi. 7 Nguni't ang Panginoon ay nauupong hari magpakailan man: inihanda niya ang kaniyang luklukan para sa kahatulan. 8 At hahatulan niya sa katuwiran ang sanglibutan, siya'y mangangasiwa ng karampatang kahatulan sa mga tao. 9 Ang Panginoon naman ay magiging matayog na moog sa napipighati, matayog na moog sa mga panahon ng kabagabagan; 10 At silang nangakakaalam ng iyong pangalan ay maglalagak ng kanilang tiwala sa iyo; sapagka't ikaw, Panginoon, ay hindi mo pinabayaan (sila) na nagsisihanap sa iyo. 11 Magsiawit kayo ng mga pagpuri sa Panginoon, na nagsisitahan sa Sion: ipahayag ninyo sa gitna ng bayan ang kaniyang mga gawa. 12 Sapagka't siyang nagsisiyasat ng dugo ay umaalaala sa kanila: hindi niya kinalilimutan ang daing ng dukha. 13 Maawa ka sa akin, Oh Panginoon; masdan mo ang kadalamhatian na aking tinitiis sa kanila na mangagtatanim sa akin, ikaw na nagtataas sa akin mula sa mga pintuan ng kamatayan; 14 Upang aking maipakilala ang iyong buong kapurihan: sa mga pintuang-bayan ng anak na babae ng Sion, ako'y magagalak sa iyong pagliligtas. 15 Ang mga bansa ay nangahulog sa balon na kanilang ginawa: sa silo na kanilang ikinubli ay kanilang sariling paa ang nahuli. 16 Ang Panginoon ay napakilala, siya'y naglapat ng kahatulan: ang masama ay nasilo sa mga gawa ng kaniyang sariling mga kamay. (Higgaion, Selah) 17 Ang masama ay mauuwi sa Sheol, pati ng lahat ng mga bansa na nagsisilimot sa Dios. **(Sheol h7585)** 18 Sapagka't ang mapagkailangan ay hindi laging malilimutan, ni ang pagasa ng dukha ay mapapawi magpakailan man. 19 Bumangon ka, Oh Panginoon; huwag manaig ang tao: mahatulan ang mga bansa sa iyong paningin. 20 Ilagay mo (sila) sa katakutan Oh, Panginoon: ipakilala mo sa mga bansa na sila'y mga tao lamang. (Selah)

**10** Bakit ka tumatayong malayo, Oh Panginoon? Bakit ka nagtatago sa mga panahon ng kabagabagan? 2 Sa kapalaluan ng masama ang dukha ay hinahabol na mainam; mahuli nawa (sila) sa mga lalang na kanilang inakala. 3 Sapagka't ang masama ay nagmamalaki sa nais ng kaniyang puso, at ang mapagimbot ay nagtatakuwil, oo, nagwawalang kabuluhan sa Panginoon. 4 Ang masama, sa kapalaluan ng kaniyang mukha, ay nagsasabi, hindi niya sisiyasatin. Lahat niyang pagiisip ay, walang Dios. 5 Ang kaniyang mga lakad ay panatag sa lahat ng panahon; ang iyong mga kahatulan ay malayong totoo sa kaniyang paningin: tungkol sa lahat niyang mga kaaway, tinutuya niya (sila) 6 Sinasabi niya sa kaniyang puso, Hindi ako makikilos: sa lahat ng sali't saling lahi ay hindi ako malalagay sa karalitaan. 7 Ang kaniyang bibig ay puno ng panunungayaw, at pagdaraya, at pang-aapi: sa ilalim ng kaniyang dila ay kalikuan at kasamaan. 8 Siya'y nauupo sa mga pinakasulok na dako ng mga nayon: sa mga kubling dako ay pinapatay niya ang walang sala; ang kaniyang mga mata ay natititig laban sa walang nagkakandili. 9 Siya'y bumabakay sa kubli, na parang leon sa kaniyang lungga: siya'y nagaabang upang hulihin ang dukha: hinuhuli niya ang dukha, pagka kaniyang dinadala siya sa silo niya. 10 Siya'y naninibasib, siya'y nagpapakaliit, at ang mga walang nagkakandili ay nangahuhulog sa kaniyang mga malakas. 11 Sinasabi niya sa kaniyang puso: ang Dios ay nakalimot: kaniyang ikinukubli ang kaniyang mukha, hindi na niya makikita kailan man. 12 Bumangon ka, Oh Panginoon, Oh Dios, itaas mo ang iyong kamay: huwag mong kalimutan ang dukha. 13 Bakit sinusumpa ng masama ang Dios, at nagsasabi sa kaniyang puso: hindi mo sisiyasatin? 14 Iyong nakita; sapagka't iyong minamasdan ang pahirap at pangduduwahagi upang mapasa iyong kamay: ang walang nagkakandili ay napakukupkop sa iyo; ikaw ay naging tagakandili sa ulila. 15 Baliin mo ang bisig ng masama: at tungkol sa masamang tao, pag-usigin mo ang kaniyang kasamaan hanggang sa wala ka nang masumpungan. 16 Ang Panginoon ay Hari magpakailan-kailan man. Ang mga bansa ay nalilipol sa kaniyang lupain. 17 Panginoon, iyong narinig ang nasa ng mga maamo: iyong ihahanda ang kanilang puso, iyong pakikinggan ng iyong pakinig: 18 Upang hatulan ang ulila at ang napipighati, upang huwag nang makapangilabot ang tao na taga lupa.

**11** Sa Panginoon ay nanganganlong ako: ano't inyong sinasabi sa aking kaluluwa, tumakas ka na gaya ng isang ibon sa iyong bundok? 2 Sapagka't, narito, binalantok ng masama ang busog, kanilang inihahanda ang kanilang palaso sa bagting, upang kanilang mapahilagpusan sa kadiliman ang matuwid sa puso, 3 Kung ang mga patibayan ay masira, anong magagawa ng matuwid? 4 Ang panginoon ay nasa kaniyang banal na templo, ang Panginoon, ang kaniyang luklukan ay nasa langit; ang kaniyang mga mata ay nagmamalas, ang kaniyang mga talukap-mata ay nagmamasid, sa mga anak ng mga tao. 5 Sinusubok ng Panginoon ang matuwid; nguni't ang masama at ang umiibig ng pangdadahas ay kinapopootan ng kaniyang kaluluwa. 6 Sa masama ay magpapaulan siya ng mga silo; apoy at azufre at nagaalab na hangin ay magiging bahagi ng kanilang saro. 7 Sapagka't ang Panginoon ay matuwid; minamahal niya ang katuwiran: Mamasdan ng matuwid ang kaniyang mukha.

**12** Tumulong ka, Panginoon, sapagka't ang banal na tao ay nalilipol; sapagka't nagkukulang ng tapat sa gitna ng mga anak ng mga tao. 2 Sila'y nangagsasalitaan

bawa't isa ng kabulaanan, sa kanikaniyang kapuwa: na
may mapanuyang labi, at may giring pulang puso na
nangagsasalita. 3 Ihihiwalay ng Panginoon, ang lahat na
mapanuyang labi, ang dila na nagsasalita ng mga dakilang
bagay: 4 Na nagsipagsabi, sa pamamagitan ng aming dila
ay magsisipanaig kami; ang aming mga labi ay aming sarili:
sino ang panginoon sa amin? 5 Dahil sa pagsamsam sa
dukha, dahil sa buntong hininga ng mapagkailangan, titindig
nga ako, sabi ng Panginoon; ilalagay ko siya sa kaligtasang
kaniyang pinagmimithian. 6 Ang mga salita ng Panginoon
ay mga dalisay na salita; na gaya ng pilak na sinubok sa
hurno sa lupa, na makapitong dinalisay. 7 Iyong iingatan
(sila) Oh Panginoon, iyong pakaingatan (sila) mula sa lahing
ito magpakailan man. 8 Ang masama ay naggala saa't saan
man. Pagka ang kapariwaraan ay natataas sa gitna ng mga
anak ng mga tao.

13 Hanggang kailan, Oh Panginoon? iyong kalilimutan
ako magpakailan man? Hanggang kailan ikukubli mo
ang iyong mukha sa akin? 2 Hanggang kailan kukuhang
payo ako sa aking kaluluwa, na may kalumbayan sa aking
puso buong araw? Hanggang kailan magpapakataan ang
aking kaaway sa akin? 3 Iyong bulayin, at sagutin mo ako,
Oh Panginoon kong Dios: liwanagan mo ang aking mga
mata, baka ako'y matulog ng tulog na kamatayan; 4 Baka
sabihin ng aking kaaway, ako'y nanaig laban sa kaniya;
baka ang aking mga kaaway ay mangagalak pagka ako'y
nakilos. 5 Nguni't ako'y tumiwala sa iyong kagandahang-
loob. Magagalak ang aking puso sa iyong pagliligtas: 6 Ako'y
aawit sa Panginoon, sapagka't ginawan niya ako ng sagana.

14 Ang mangmang ay nagsabi sa kaniyang puso, walang
Dios: sila'y nangapapahamak, sila'y nagsigawa ng
kasuklamsuklam na mga gawa; walang gumagawa ng
mabuti, 2 Tinutunghan ng Panginoon ang mga anak
ng mga tao mula sa langit, upang tingnan, kung may
sinomang nakakaunawa, na hinahanap ng Dios. 3 Silang
lahat ay nagsihiwalay; sila'y magkakasama na naging
kahalayhalay; walang gumagawa ng mabuti, wala, wala
kahit isa. 4 Wala bang kaalaman ang lahat na manggagawa
ng kasamaan? na siyang nagsisikain sa aking bayan na tila
nagsisikain ng tinapay, at hindi nagsisitawag sa Panginoon.
5 Doo'y nangapasa malaking katakutan (sila) sapagka't
ang Dios ay nasa lahi ng matuwid. 6 Inyong inilalagay sa
kahihiyan ang payo ng dukha, sapagka't ang Panginoon ang
kaniyang kanlungan. 7 Oh kung ang kaligtasan ng Israel
ay nanggagaling sa Sion! Kung ibabalik ng Panginoon ang
nangabihag ng kaniyang bayan, magagalak nga ang Jacob,
at masasayahan ang Israel.

15 Panginoon, sinong makapanunuluyan sa iyong
tabernakulo? Sinong tatahan sa iyong banal na
bundok? 2 Siyang lumalakad na matuwid, at gumagawa
ng katuwiran, at nagsasalita ng katotohanan sa kaniyang
puso. 3 Siyang hindi naninirang puri ng kaniyang dila, ni
gumagawa man ng kasamaan sa kaniyang kaibigan, ni
dumudusta man sa kaniyang kapuwa. 4 Na sa mga mata
niya ay nasisiphayo ang masama; kundi siyang nagbibigay
puri sa mga natatakot sa Panginoon, siyang sumusumpa sa
kaniyang sariling ikasasama at hindi nagbabago, 5 Siyang
hindi naglalabas ng kaniyang salapi sa patubo, ni kumukuha
man ng suhol laban sa walang sala. Siyang gumagawa ng
mga bagay na ito ay hindi makikilos kailan man.

16 Ingatan mo ako, Oh Dios; sapagka't sa iyo
nanganganlong ako. 2 Oh kaluluwa ko, iyong sinabi
sa Panginoon, ikaw ay aking Panginoon: ako'y walang
kabutihan liban sa iyo. 3 Tungkol sa mga banal na nangasa
lupa, (sila) ang maririlag na mga kinalulugdan kong lubos. 4
Ang mga kalumbayan nila ay dadami, na nangaghahandog
sa ibang dios: ang kanilang inuming handog na dugo ay
hindi ko ihahandog, ni sasambitin man ang kanilang mga
pangalan sa aking mga labi. 5 Ang Panginoon ay siyang
bahagi ng aking mana at ng aking saro: iyong inaalalayan
ang aking kapalaran. 6 Ang pising panukat ay nangahulog
sa akin sa mga maligayang dako; Oo, ako'y may mainam na
mana. 7 Aking pupurihin ang Panginoon na nagbibigay sa
akin ng payo: Oo, tinuturuan ako sa gabi ng aking puso. 8
Aking inilagay na lagi ang Panginoon sa harap ko: sapagka't
kung siya ay nasa aking kanan, hindi ako makikilos. 9 Kaya't
ang aking puso ay masaya, at ang aking kaluwalhatian ay
nagagalak: ang akin namang katawan ay tatahang tiwasay.
10 Sapagka't hindi mo iiwan ang aking kaluluwa sa Sheol;
ni hindi mo man titiisin ang iyong banal ay makakita ng
kabulukan. **(Sheol h7585)** 11 Iyong ituturo sa akin ang landas ng
buhay: nasa iyong harapan ang kapuspusan ng kagalakan;
sa iyong kanan ay may mga kasayahan magpakailan man.

17 Dinggin mo ang matuwid, Oh Panginoon, pakinggan
mo ang aking daing; ulinigin mo ang aking panalangin,
na hindi lumalabas sa mga magdarayang labi. 2 Manggaling
sa iyong harapan ang aking kahatulan; masdan ng iyong
mga mata ang karampatan. 3 Iyong sinubok ang aking puso;
iyong dinalaw ako sa kinagabihan; iyong nilitis ako, at wala
kang nasumpungan; ako'y nagpasiya na ang aking bibig
ay hindi sasalangsang. 4 Tungkol sa mga gawa ng mga
tao, sa pamamagitan ng salita ng iyong mga labi. Ako'y
nagingat sa mga daan ng pangdadahas. 5 Ang aking mga
hakbang ay nagsipanatili sa iyong mga landas, ang aking
mga paa ay hindi nangadulas. 6 Ako'y tumawag sa iyo,

sapagka't ikaw ay sasagot sa akin, Oh Dios: Ikiling mo ang
iyong pakinig sa akin, at dinggin mo ang aking pananalita. **7**
Ipakita mo ang iyong mga kagilagilalas na kagandahang-
loob, Oh ikaw na nagliligtas sa kanila na nagsisipagkanlong
sa iyo. Sa nagsisibangon laban sa kanila, sa pamamagitan
ng iyong kanan. **8** Ingatan mo ako na gaya ng itim ng
mata, ikubli mo ako sa lilim ng iyong mga pakpak, **9** Sa
masama na sumasamsam sa akin, sa aking mga kaaway na
nagsisipatay, na nagsisikubkub sa akin. **10** Sila'y nangabalot
sa kanilang sariling taba: sila'y nangagsasalita ng kanilang
bibig na may kapalaluan. **11** Kanilang kinubkob nga kami sa
aming mga hakbang: itinititig nila ang kanilang mga mata
upang ibuwal kami sa lupa. **12** Sila'y parang leon na masiba
sa kaniyang huli, at parang batang leon na nanunubok sa
mga lihim na dako. **13** Bumangon ka, Oh Panginoon, harapin
mo siya, ilugmok mo siya: iligtas mo ang aking kaluluwa sa
masama sa pamamagitan ng iyong tabak; **14** Sa mga tao, sa
pamamagitan ng iyong kamay, Oh Panginoon, sa mga tao
ng sanglibutan, na ang bahagi nila ay nasa buhay na ito, at
ang tiyan nila'y pinupuno mo ng iyong kayamanan: kanilang
binubusog ang kanilang mga anak, at iniiwan nila ang natira
sa kanilang pag-aari sa kanilang sanggol. **15** Tungkol sa
akin, aking mamasdan ang iyong mukha sa katuwiran: ako'y
masisiyahan pagka bumangon sa iyong wangis.

**18** Iniibig kita, Oh Panginoon, na aking kalakasan. **2** Ang
Panginoon ay aking malaking bato, at aking kuta, at
aking tagapagligtas; aking Dios, aking malaking bato na
sa kaniya'y manganganlong ako; aking kalasag, at siyang
sungay ng aking kaligtasan, aking matayog na moog. **3**
Ako'y tatawag sa Panginoon, na marapat na purihin: sa
gayo'y maliligtas ako sa aking mga kaaway. **4** Pinamuluputan
ako ng mga tali ng kamatayan, at tinakot ako ng mga baha
ng kasamaan. **5** Ang mga tali ng Sheol ay nasa buong
palibot ko: ang mga silo ng kamatayan ay dumating sa
akin. **(Sheol h7585)** **6** Sa aking kapanglawan ay tumawag
ako sa Panginoon, at dumaing ako sa aking Dios: dininig
niya ang aking tinig mula sa kaniyang templo, at ang aking
daing sa harap niya ay dumating sa loob ng kaniyang mga
pakinig. **7** Nang magkagayo'y nauga at nayanig ang lupa,
ang mga patibayan naman ng mga bundok ay nakilos, at
nauga, sapagka't siya'y napoot. **8** Napailanglang ang usok
mula sa kaniyang mga butas ng ilong, at apoy na mula sa
kaniyang bibig ay sumupok: mga baga ay nangagalab sa
pamamagitan niyaon. **9** Kaniya namang iniyuko ang mga
langit, at ibinaba; at salimuot na kadiliman ay nasa ilalim ng
kaniyang mga paa. **10** At siya'y sumakay sa isang querubin,
at lumipad: Oo, siya'y lumipad na maliksi sa mga pakpak ng
hangin. **11** Ginawa niya ang kadiliman na kaniyang kublihang
dako, ang kaniyang kulandong sa buong palibot niya; mga
kadiliman ng tubig, masinsing mga alapaap sa langit. **12** Sa
kakinangan sa harap niya ay dumaan ang kaniyang mga
masinsing alapaap, mga granizo at mga bagang apoy. **13** Ang
Panginoon naman ay kumulog sa mga langit, at pinatunog
ng Kataastaasan ang kaniyang tinig; mga granizo, at mga
bagang apoy. **14** At kaniyang inihilagpos ang kaniyang mga
pana, at pinapangalat (sila) Oo, mga kidlat na di masayod
at ginulo (sila) **15** Nang magkagayo'y nagsilitaw ang mga
lagusan ng tubig, at ang mga patibayan ng sanglibutan ay
nangahubdan, sa iyong pagsaway, Oh Panginoon, sa hihip
ng hinga ng iyong mga butas ng ilong. **16** Siya'y nagsugo
mula sa itaas, kinuha niya ako; sinagip niya ako sa maraming
tubig. **17** Iniligtas niya ako sa aking malakas na kaaway,
At sa mga nangagtatanim sa akin, sapagka't sila'y totoong
makapangyarihan sa ganang akin. **18** Sila'y nagsidating
sa akin sa kaarawan ng aking kasakunaan, nguni't ang
Panginoon ay siyang aking gabay. **19** Inilabas naman niya
ako sa maluwag na dako; iniligtas niya ako, sapagka't siya'y
nalulugod sa akin. **20** Ginanting-pala ako ng Panginoon ayon
sa aking katuwiran; ayon sa kalinisan ng aking mga kamay
ay ginanting-pala niya ako. **21** Sapagka't aking iningatan
ang mga daan ng Panginoon, at hindi ako humiwalay ng
masama sa aking Dios. **22** Sapagka't lahat niyang mga
kahatulan ay nangasa harap ko, at hindi ko inihiwalay ang
kaniyang mga palatuntunan sa akin. **23** Ako rin nama'y
sakdal sa kaniya, at ako'y nagingat ng aking sarili sa aking
kasamaan. **24** Kaya't ginanting-pala ako ng Panginoon ayon
sa aking katuwiran, ayon sa kalinisan ng aking mga kamay
sa kaniyang paningin. **25** Sa mahabagin ay pakikilala kang
mahabagin; sa sakdal na tao ay pakikilala kang sakdal; **26**
Sa dalisay ay pakikilala kang dalisay; at sa matigas na loob
ay pakikilala kang mapagmatigas. **27** Sapagka't iyong ililigtas
ang napipighating bayan: nguni't ang mga mapagmataas na
mata ay iyong ibababa. **28** Sapagka't iyong papagniningasin
ang aking ilawan; liliwanagan ng Panginoon kong Dios
ang aking kadiliman. **29** Sapagka't sa pamamagitan mo
ay dadaluhungin ko ang isang hukbo; at sa pamamagitan
ng aking Dios ay lulukso ako sa kuta. **30** Tungkol sa Dios
ang kaniyang lakad ay sakdal: ang salita ng Panginoon ay
subok; siya'y kalasag ng lahat na nanganganlong sa kaniya,
**31** Sapagka't sino ang Dios, liban sa Panginoon? At sino
ang malaking bato maliban sa ating Dios? **32** Ang Dios na
nagbibigkis sa akin ng kalakasan, at nagpapasakdal sa aking
lakad. **33** Kaniyang ginagawa ang aking mga paa na gaya
ng mga paa ng mga usa: at inilalagay niya ako sa aking mga
mataas na dako. **34** Kaniyang tinuturuan ang aking mga
kamay na makipagdigma, na anopa't ang aking mga kamay
ay bumabali ng busog na tanso. **35** Iyo namang ibinigay sa
akin ang kalasag na iyong pangligtas: at inalalayan ako ng

iyong kanan, at pinadakila ako ng iyong kahinahunan. 36
Iyong pinalaki ang aking mga hakbang sa ilalim ko, at ang
aking mga paa ay hindi nangadulas. 37 Aking hahabulin
ang aking mga kaaway, at aabutan ko (sila) hindi man ako
babalik hanggang sa sila'y malipol. 38 Aking sasaktan (sila)
na anopa't sila'y huwag makatayo: sila'y mangalulugmok sa
ilalim ng aking mga paa. 39 Sapagka't iyong binigkisan ako
ng kalakasan sa pagbabaka: iyong pinasuko sa akin yaong
nagsisibangon laban sa akin. 40 Iyo rin namang pinatatalikod
sa akin ang aking mga kaaway, upang aking maihiwalay
silang nangagtatanim sa akin. 41 Sila'y nagsihiyaw, nguni't
walang magligtas: pati sa Panginoon, nguni't hindi niya
sinagot (sila) 42 Nang magkagayo'y aking dinurog (sila) na
gaya ng alabok sa harap ng hangin: aking inihagis (sila) na
gaya ng putik sa mga lansangan. 43 Iniligtas mo ako sa mga
pakikipagtalo sa bayan; iyong ginawa ako na pangulo ng
mga bansa: isang bayan na hindi ko nakilala ay maglilingkod
sa akin. 44 Pagkarinig nila sa akin ay tatalimahin nila
ako; ang mga taga ibang lupa ay magsisisuko sa akin. 45
Ang mga taga ibang lupa ay manganghihiluka, at sila'y
magsisilabas na nangangininig mula sa kanilang mga
taguang dako. 46 Mabuhay nawa ang Panginoon at maging
mapalad nawa ang aking malaking bato; at dakilain ang
Dios ng aking kaligtasan: 47 Sa makatuwid baga'y ang Dios
na ipinanghihiganti ako, at nagpapasuko ng mga bayan sa
akin. 48 Kaniyang inililigtas ako sa aking mga kaaway: Oo,
itinataas mo ako sa nagsisibangon laban sa akin: iyong
inililigtas ako sa mangdadahas na tao. 49 Kaya't ako'y
magpapasalamat sa iyo, Oh Panginoon, sa gitna ng mga
bansa, at aawit ako ng mga pagpupuri sa iyong pangalan.
50 Dakilang kaligtasan ay ibinibigay niya sa kaniyang hari; at
nagpapakita ng kagandahang-loob sa kaniyang pinahiran ng
langis. Kay David at sa kaniyang binhi magpakailan man.

**19** Ang kalangitan ay nagpapahayag ng kaluwalhatian
ng Dios; at ipinakikilala ng kalawakan ang gawa
ng kaniyang kamay. 2 Sa araw-araw ay nagbabadya ng
pananalita, at sa gabi-gabi ay nagpapakilala ng kaalaman.
3 Walang pananalita o wika man; ang kanilang tinig ay
hindi marinig. 4 Ang kanilang pangungusap ay lumaganap
sa buong lupa, at ang kanilang mga salita ay hanggang
sa wakas ng sanglibutan. Sa kanila inilagay niya ang
tabernakulo na ukol sa araw, 5 Na gaya ng kasintahang
lalake na lumalabas mula sa kaniyang silid. At nagagalak na
gaya ng malakas na tao na tatakbo ng kaniyang takbo. 6
Ang kaniyang labasan ay mula sa wakas ng mga langit,
at ang kaniyang ligid ay sa mga wakas niyaon: at walang
bagay na nakukubli sa pagiinit niyaon. 7 Ang kautusan
ng Panginoon ay sakdal, na nagsasauli ng kaluluwa: ang
patotoo ng Panginoon ay tunay, na nagpapapantas sa
hangal. 8 Ang mga tuntunin ng Panginoon ay matuwid, na
nagpapagalak sa puso: ang utos ng Panginoon ay dalisay, na
nagpapaliwanag ng mga mata. 9 Ang takot sa Panginoon ay
malinis, na nananatili magpakailan man: ang mga kahatulan
ng Panginoon ay katotohanan, at lubos na matuwid. 10
Mga pinipitang higit kay sa ginto, oo, higit kay sa maraming
dalisay na ginto: lalong mainam kay sa pulot, at sa pulot-
pukyutan. 11 Higit dito'y sa pamamagitan ng mga iyo'y
mapagpapaunahan ang iyong lingkod: sa pagiingat ng mga
yaon ay may dakilang ganting-pala. 12 Sinong makasisiyasat
ng kaniyang mga kamalian? Paliwanagan mo ako sa mga
kubling kamalian. 13 Italikod mo rin ang iyong lingkod sa
mga kapalaluang sala: huwag mong papagtaglayin ang
mga yaon ng kapangyarihan sa akin: kung magkagayo'y
magiging matuwid ako, at magiging malinis ako sa malaking
pagsalangsang. 14 Maging kalugodlugod nawa ang mga
salita ng aking bibig, at ang pagbubulay ng aking puso sa
iyong paningin, Oh Panginoon, na aking malaking bato, at
aking manunubos.

**20** Ang Panginoon ay sumasagot sa iyo sa araw ng
kabagabagan; itaas ka sa mataas ng pangalan ng Dios
ni Jacob; 2 Saklolohan ka mula sa santuario, at palakasin ka
mula sa Sion; 3 Alalahanin nawa ang lahat ng iyong mga
handog, at tanggapin niya ang iyong mga haing sinunog;
(Selah) 4 Pagkalooban ka nawa ng nais ng iyong puso, at
tuparin ang lahat ng iyong payo. 5 Kami ay magtatagumpay
sa iyong pagliligtas, at sa pangalan ng aming Dios ay
aming itataas ang aming mga watawat: ganapin nawa ng
Panginoon ang lahat ng iyong mga hingi. 6 Talastas ko
ngayon na inililigtas ng Panginoon ang kaniyang pinahiran
ng langis; sasagutin niya siya mula sa kaniyang banal na
langit ng pangligtas na kalakasan ng kaniyang kanang
kamay. 7 Ang iba ay tumitiwala sa mga karo, at ang iba ay
sa mga kabayo: nguni't babanggitin namin ang pangalan
ng Panginoon naming Dios. 8 Sila'y nangakasubsob at
buwal: nguni't kami ay nakatindig at nakatayo na matuwid. 9
Magligtas ka, Panginoon: sagutin nawa kami ng Hari pagka
kami ay nagsisitawag.

**21** Ang hari ay magagalak sa iyong kalakasan, Oh
Panginoon; at sa iyong pagliligtas gaano kalaki ang
ikagagalak niya! 2 Ibinigay mo sa kaniya ang nais ng
kaniyang puso, at hindi mo ikinait ang hiling ng kaniyang
mga labi. (Selah) 3 Sapagka't iyong sinalubong siya ng mga
kapalaran na kabutihan: iyong pinuputungan ng isang putong
na dalisay na ginto ang kaniyang ulo. 4 Siya'y humingi
ng buhay sa iyo, iyong binigyan siya; pati ng kahabaan
ng mga kaarawan magpakailan pa man. 5 Ang kaniyang
kaluwalhatian ay dakila sa iyong pagliligtas: karangalan

at kamahalan ay inilalagay mo sa kaniya. 6 Sapagka't
ginagawa mo siyang pinakamapalad magpakailan man:
iyong pinasasaya siya ng kagalakan sa iyong harapan.
7 Sapagka't ang hari ay tumitiwala sa Panginoon, at sa
kagandahang-loob ng Kataastaasan ay hindi siya makikilos.
8 Masusumpungan ng iyong kamay ang lahat ng iyong
mga kaaway: masusumpungan ng iyong kanan yaong mga
nangagtatanim sa iyo. 9 Iyong gagawin (sila) na gaya ng
mainit na hurno sa panahon ng iyong galit. Sasakmalin (sila)
ng Panginoon sa kaniyang poot, at susupukin (sila) ng apoy.
10 Ang kanilang bunga ay iyong lilipulin mula sa lupa, at
ang kanilang binhi ay mula sa gitna ng mga anak ng mga
tao. 11 Sapagka't sila'y nagakala ng kasamaan laban sa iyo:
sila'y nagpanukala ng lalang na hindi nila maisasagawa. 12
Sapagka't iyong patatalikurin (sila) ikaw ay maghahanda ng
iyong mga bagting ng busog laban sa mukha nila. 13 Mataas
ka, Oh Panginoon, sa iyong kalakasan: sa gayo'y aming
aawitin at pupurihin ang iyong kapangyarihan.

**22** Dios ko, Dios ko, bakit mo ako pinabayaan? Bakit ka
napaka layo sa pagtulong sa akin, at sa mga salita
ng aking pagangal? 2 Oh Dios ko, ako'y humihiyaw sa
araw, nguni't hindi ka sumasagot: at sa gabi, at hindi ako
tahimik. 3 Nguni't ikaw ay banal, Oh ikaw na tumatahan
sa mga pagpuri ng Israel. 4 Ang aming mga magulang ay
nagsitiwala sa iyo: sila'y nagsitiwala, at iyong iniligtas (sila) 5
Sila'y nagsidaing sa iyo at nangaligtas: sila'y nagsitiwala
sa iyo, at hindi nangapahiya. 6 Nguni't ako'y uod at hindi
tao; duwahagi sa mga tao, at hinamak ng bayan. 7 Silang
lahat na nangakakita sa akin ay tinatawanang mainam ako:
inilalawit nila ang labi, iginagalaw nila ang ulo, na sinasabi,
8 Magpakatiwala ka sa Panginoon; iligtas niya siya: iligtas
niya siya yamang kinaluluguran niya siya: 9 Nguni't ikaw ang
naglabas sa akin sa bahay-bata: Pinatiwala mo ako nang
ako'y nasa mga suso ng aking ina. 10 Ako'y nahagis sa iyo
mula sa bahay-bata: ikaw ay aking Dios mulang dalhin ako
sa tiyan ng aking ina. 11 Huwag mo akong layuan; sapagka't
kabagabagan ay malapit; sapagka't walang tumulong. 12
Niligid ako ng maraming toro; mga malakas na toro ng
Basan ay kumulong sa akin. 13 Sila'y magbubuka sa akin ng
kanilang bibig, na gaya ng sumasakmal at umuungal na leon.
14 Ako'y nabuhos na parang tubig, at lahat ng aking mga
buto ay nangapapalinsad: ang aking puso ay parang pagkit;
natutunaw ito sa loob ko. 15 Ang aking kalakasan ay natuyo
na parang bibinga; at ang aking dila ay dumidikit sa aking
ngalangala; at dinala mo ako sa alabok ng kamatayan. 16
Sapagka't niligid ako ng mga aso: kinulong ako ng pulutong
ng mga manggagawa ng masama; binutasan nila ang aking
mga kamay at ang aking mga paa. 17 Aking maisasaysay
ang lahat ng aking mga buto; kanilang minamasdan, at
pinapansin ako: 18 Hinapak nila ang aking mga kasuutan sa
gitna nila, at kanilang pinagsapalaran ang aking kasuutan.
19 Nguni't huwag kang lumayo, Oh Panginoon: Oh ikaw na
aking saklolo, magmadali kang tulungan mo ako. 20 Iligtas
mo ang aking kaluluwa sa tabak; ang aking minamahal sa
kapangyarihan ng aso. 21 Iligtas mo ako sa bibig ng leon;
Oo, mula sa mga sungay ng torong gubat ay sinagot mo
ako. 22 Aking ipahahayag ang iyong pangalan sa aking
mga kapatid: sa gitna ng kapulungan ay pupurihin kita. 23
Kayong nangatatakot sa Panginoon ay magsipuri sa kaniya:
kayong lahat na binhi ni Jacob ay lumuwalhati sa kaniya; at
magsitayong may takot sa kaniya, kayong lahat na binhi ni
Israel. 24 Sapagka't hindi niya hinamak o pinagtaniman man
ang kadalamhatian ng nagdadalamhati; ni ikinubli man niya
ang kaniyang mukha sa kaniya; kundi nang siya'y dumaing
sa kaniya, ay kaniyang dininig. 25 Sa iyo nanggagaling ang
pagpuri sa akin sa dakilang kapisanan: aking tutuparin ang
aking mga panata sa harap nila na nangatatakot sa kaniya.
26 Ang maamo ay kakain at mabubusog: kanilang pupurihin
ang Panginoon na humanap sa kaniya; mabuhay nawa ang
iyong puso magpakailan man. 27 Lahat ng mga wakas ng
lupa ay makakaalaala, at magsisipanumbalik sa Panginoon:
at lahat ng mga angkan ng mga bansa ay magsisisamba
sa harap mo. 28 Sapagka't ang kaharian ay sa Panginoon:
at siya ang puno sa mga bansa. 29 Lahat na matataba
sa lupa ay magsisikain, at magsisisamba: silang lahat na
nagsisibaba sa alabok ay magsisiyukod sa harap niya, sa
makatuwid baga'y ang hindi makapagingat na buhay ng
kaniyang kaluluwa. 30 Isang binhi ay maglilingkod sa kaniya,
sasaysayin ang Panginoon sa susunod na salin ng lahi,
31 Sila'y magsisiparoon at mangaghahayag ng kaniyang
katuwiran, sa bayan na ipanganganak ay ibabalita, yaong
kaniyang ginawa.

**23** Ang Panginoon ay aking pastor; hindi ako
mangangailangan. 2 Kaniyang pinahihiga ako sa
sariwang pastulan: pinapatnubayan niya ako sa siping ng
mga tubig na pahingahan, 3 Kaniyang pinapananauli ang
aking kaluluwa: pinapatnubayan niya ako sa mga landas ng
katuwiran alangalang sa kaniyang pangalan. 4 Oo, bagaman
ako'y lumalakad sa libis ng lilim ng kamatayan, wala akong
katatakutang kasamaan; sapagka't ikaw ay sumasa akin:
ang iyong pamalo at ang iyong tungkod, ay nagsisialiw sa
akin. 5 Iyong pinaghahandaan ako ng dulang sa harap ko sa
harapan ng aking mga kaaway: iyong pinahiran ang aking
ulo ng langis; ang aking saro ay inaapawan. 6 Tunay na ang
kabutihan at kaawaan ay susunod sa akin sa lahat ng mga
kaarawan ng aking buhay: at ako'y tatahan sa bahay ng
Panginoon magpakailan man.

**24** Ang lupa ay sa Panginoon at ang buong narito; ang
sanglibutan, at silang nagsisitahan dito. 2 Sapagka't
itinatag niya sa ibabaw ng mga dagat, at itinatayo sa ibabaw
ng mga baha. 3 Sinong aahon sa bundok ng Panginoon? At
sinong tatayo sa kaniyang dakong banal? 4 Siyang may
malinis na mga kamay at may dalisay na puso; na hindi
nagmataas ang kaniyang kaluluwa sa walang kabuluhan,
at hindi sumumpa na may kabulaanan. 5 Siya'y tatanggap
ng pagpapala sa Panginoon, at ng katuwiran sa Dios ng
kaniyang kaligtasan. 6 Ito ang lahi ng mga nagsisihanap sa
kaniya, na nagsisihanap ng iyong mukha, sa makatuwid
baga'y Jacob. (Selah) 7 Itaas ninyo ang inyong mga ulo, Oh
kayong mga pintuang-bayan; at kayo'y mangataas, kayong
mga walang hanggang pintuan: at ang hari ng kaluwalhatian
ay papasok. 8 Sino ang Hari ng kaluwalhatian? Ang
Panginoong malakas at makapangyarihan, ang Panginoong
makapangyarihan sa pagbabaka. 9 Itaas ninyo ang inyong
mga ulo, Oh kayong mga pintuang-bayan; Oo, magsitaas
kayo, kayong mga walang hanggang pintuan: at ang
hari ng kaluwalhatian ay papasok. 10 Sino itong Hari ng
kaluwalhatian? Ang Panginoon ng mga hukbo, siya ang Hari
ng kaluwalhatian. (Selah)

**25** Sa iyo, Oh Panginoon, iginagawad ko ang aking
kaluluwa. 2 Oh Dios ko sa iyo'y tumiwala ako, huwag
nawa akong mapahiya; huwag nawang magtagumpay sa
akin ang aking mga kaaway. 3 Oo, walang naghihintay sa
iyo na mapapahiya; sila'y mangapapahiya na nagsisigawa
ng karayaan ng walang kadahilanan, 4 Ituro mo sa akin ang
iyong mga daan, Oh Panginoon; ituro mo sa akin ang iyong
mga landas. 5 Patnubayan mo ako sa iyong katotohanan, at
ituro mo sa akin; sapagka't ikaw ay Dios ng aking kaligtasan;
sa iyo'y naghihintay ako buong araw. 6 Iyong alalahanin, Oh
Panginoon, ang iyong malumanay na mga kaawaan, at ang
iyong mga kagandahang-loob; sapagka't magpakailan man
mula ng una. 7 Huwag mong alalahanin ang mga kasalanan
ng aking kabataan, ni ang aking mga pagsalangsang: ayon
sa iyong kagandahang-loob ay alalahanin mo ako, dahil sa
iyong kabutihan, Oh Panginoon. 8 Mabuti at matuwid ang
Panginoon: kaya't tuturuan niya ang mga makasalanan sa
daan. 9 Ang maamo ay papatnubayan niya sa kahatulan: at
ituturo niya sa maamo ang daan niya. 10 Lahat na landas ng
Panginoon ay kagandahang-loob at katotohanan sa mga
gayon na nangagiingat ng kaniyang tipan at kaniyang mga
patotoo. 11 Dahil sa iyong pangalan, Oh Panginoon, iyong
ipatawad ang aking kasamaan, sapagka't malaki. 12 Anong
tao siya na natatakot sa Panginoon? Siya ang tuturuan niya
ng daan na kaniyang pipiliin. 13 Ang kaniyang kaluluwa
ay tatahan sa kaginhawahan; at mamanahin ng kaniyang
binhi ang lupain. 14 Ang pakikipagibigan ng Panginoon ay
nasa nangatatakot sa kaniya; at ipakikilala niya sa kanila
ang kaniyang tipan. 15 Ang aking mga mata ay palaging
na sa Panginoon; sapagka't huhugutin niya ang aking mga
paa sa silo. 16 Panumbalikan mo ako, at maawa ka sa
akin; sapagka't ako'y nag-iisa at nagdadalamhati. 17 Ang
kabagabagan ng aking puso ay lumaki: Oh hanguin mo
ako sa aking kapanglawan. 18 Gunitain mo ang aking
pagkapighati at aking damdam; at ipatawad mo ang lahat
kong mga kasalanan. 19 Masdan mo ang aking mga kaaway,
sapagka't sila'y marami; at pinagtataniman nila ako ng
mabagsik na pagkagalit. 20 Oh ingatan mo ang aking
kaluluwa, at iyong iligtas ako: huwag nawa akong mapahiya,
sapagka't nanganganlong ako sa iyo. 21 Magingat sa akin
ang pagtatapat at katuwiran, sapagka't hinihintay kita. 22
Tubusin mo ang Israel, Oh Dios, mula sa lahat na kaniyang
kabagabagan.

**26** Iyong hatulan ako Oh Panginoon, sapagka't ako'y
lumakad sa aking pagtatapat: ako naman ay tumiwala
sa Panginoon, na walang bulay-bulay. 2 Siyasatin mo ako,
Oh Panginoon, at iyong subukin ako; subukin mo ang aking
puso at ang aking isip. 3 Sapagka't ang iyong kagandahang-
loob ay nasa harap ng aking mga mata: at ako'y lumakad sa
iyong katotohanan. 4 Hindi ako naupo na kasama ng mga
walang kabuluhang tao; ni papasok man ako na kasama
ng mga mapagpakunwari. 5 Aking pinagtataniman ang
kapisanan ng mga manggagawa ng kasamaan, at hindi
ako uupo na kaumpok ng masama. 6 Aking huhugasan
ang aking mga kamay sa pagkawalang sala; sa gayo'y
aking lilibirin ang iyong dambana, Oh Panginoon: 7 Upang
aking maiparinig ang tinig ng pagpapasalamat, at maisaysay
ang lahat na iyong kagilagilalas na gawa. 8 Panginoon,
aking iniibig ang tahanan ng iyong bahay, at ang dako na
tinatahanan ng iyong kaluwalhatian. 9 Huwag mong isama
ang aking kaluluwa sa mga makasalanan, ni ang aking
buhay man sa mga mabagsik na tao: 10 Na ang mga kamay
ay kinaroroonan ng kasamaan, at ang kanilang kanan ay
puno ng mga suhol. 11 Nguni't tungkol sa akin ay lalakad
ako sa aking pagtatapat: iyong tubusin ako, at mahabag ka
sa akin. 12 Ang aking paa ay nakatayo sa isang panatag na
dako: sa mga kapisanan ay pupurihin ko ang Panginoon.

**27** Ang Panginoon ay aking liwanag, at aking kaligtasan:
kanino ako matatakot? Ang Panginoon, ay katibayan
ng aking buhay; kanino ako masisindak? 2 Nang dumating
sa akin ang mga manggagawa ng kasamaan upang kanin
ang aking laman, ang aking mga kaaway at aking mga kaalit,
sila'y nangatisod at nangarapa. 3 Bagaman ang isang hukbo
ay humantong laban sa akin, hindi matatakot ang aking
puso: bagaman magbangon ang pagdidigma laban sa akin,

gayon ma'y titiwala rin ako. 4 Isang bagay ang hiningi ko
sa Panginoon, na aking hahanapin; na ako'y makatahan
sa bahay ng Panginoon, lahat ng mga kaarawan ng aking
buhay, upang malasin ang kagandahan ng Panginoon, at
magusisa sa kaniyang templo. 5 Sapagka't sa kaarawan
ng kabagabagan ay iingatan niya ako na lihim sa kaniyang
kulandong: sa kublihan ng kaniyang tabernakulo ay ikukubli
niya ako; Kaniyang itataas ako sa ibabaw ng isang malaking
bato. 6 At ngayo'y matataas ang aking ulo sa aking mga
kaaway sa palibot ko; at ako'y maghahandog sa kaniyang
tabernakulo ng mga hain ng kagalakan; ako'y aawit, oo,
ako'y aawit ng mga pagpuri sa Panginoon. 7 Dinggin mo, Oh
Panginoon, pagka ako'y sumisigaw ng aking tinig: maawa
ka rin sa akin, at sagutin mo ako. 8 Nang iyong sabihin,
hanapin ninyo ang aking mukha; ang aking puso ay nagsabi
sa iyo, ang iyong mukha, Panginoon, ay hahanapin ko. 9
Huwag mong ikubli ang iyong mukha sa akin; huwag mong
ihiwalay ang iyong lingkod ng dahil sa galit: ikaw ay naging
aking saklolo; huwag mo akong itakuwil, o pabayaan man,
Oh Dios ng aking kaligtasan. 10 Bagaman pabayaan ako
ng aking ama at ng aking ina, gayon ma'y dadamputin ako
ng Panginoon. 11 Ituro mo sa akin ang iyong daan, Oh
Panginoon: at patnubayan mo ako sa patag na landas,
dahil sa aking mga kaaway. 12 Huwag mo akong ibigay sa
kalooban ng aking mga kaaway: sapagka't mga sinungaling
na saksi ay nagsibangon laban sa akin, at ang nagsisihinga
ng kabagsikan. 13 Ako sana'y nanglupaypay kundi ko
pinaniwalaang makita ang kabutihan ng Panginoon. Sa
lupain ng may buhay. 14 Magantay ka sa Panginoon: ikaw
ay magpakalakas, at magdalang tapang ang iyong puso;
Oo, umasa ka sa Panginoon.

**28** Sa iyo, Oh Panginoon, tatawag ako; bato ko, huwag
kang magpakabingi sa akin: baka kung ikaw ay
tumahimik sa akin, ako'y maging gaya nila na bumaba sa
hukay. 2 Dinggin mo ang tinig ng aking mga pananaing,
pagka ako'y dumadaing sa iyo, pagka aking iginagawad ang
aking mga kamay sa dako ng banal na sanggunian sa iyo. 3
Huwag mo akong agawin na kasama ng mga masama, at
ng mga manggagawa ng kasamaan; na nangagsasalita ng
kapayapaan sa kanilang mga kapuwa, Nguni't kasamaan ay
nasa kanilang mga puso. 4 Bigyan mo (sila) ng ayon sa
kanilang gawa, at ng ayon sa kasamaan ng kanilang mga
gawain: gantihin mo (sila) ng ayon sa kilos ng kanilang mga
kamay. Bayaran mo (sila) ng ukol sa kanila, 5 Sapagka't ayaw
nilang pakundanganan ang mga gawa ng Panginoon, ni ang
kilos man ng kaniyang mga kamay, kaniyang ibabagsak (sila)
at hindi (sila) itatayo. 6 Purihin ang Panginoon, sapagka't
dininig niya ang tinig ng aking mga pananaing. 7 Ang
Panginoon ay aking kalakasan at aking kalasag; ang aking
puso ay tumiwala sa kaniya, at ako'y nasaklolohan: kaya't
ang aking puso ay nagagalak na mainam; at aking pupurihin
siya ng aking awit. 8 Ang Panginoon ay kanilang kalakasan,
at siya'y kuta ng kaligtasan sa kaniyang pinahiran ng langis.
9 Iligtas mo ang iyong bayan, at pagpalain mo ang iyong
pamana: naging pastor ka rin naman nila, at alalayan mo
(sila) magpakailan man.

**29** Mangagbigay kayo sa Panginoon, Oh kayong mga
anak ng makapangyarihan, mangagbigay kayo sa
Panginoon ng kaluwalhatian at kalakasan. 2 Ibigay ninyo
sa Panginoon ang kaluwalhatiang marapat sa kaniyang
pangalan: inyong sambahin ang Panginoon sa kagandahan
ng kabanalan. 3 Ang tinig ng Panginoon ay nasa ibabaw
ng tubig: ang Dios ng kaluwalhatian ay kumukulog, sa
makatuwid baga'y ang Panginoon sa ibabaw ng maraming
tubig. 4 Ang tinig ng Panginoon ay makapangyarihan; ang
tinig ng Panginoon ay puspos ng kamahalan. 5 Ang tinig ng
Panginoon ay bumabali ng mga cedro; Oo, pinagpuputolputol
ng Panginoon ang mga cedro ng Libano. 6 Kaniya namang
pinalulukso na gaya ng guya: ang Libano at Sirion na
gaya ng mailap na guyang baka. 7 Humahawi ng liyab
ng apoy ang tinig ng Panginoon. 8 Niyayanig ng tinig ng
Panginoon ang ilang: niyayanig ng Panginoon ang ilang
ng Kades. 9 Pinapanganganak ng tinig ng Panginoon ang
mga usa, at hinuhubdan ang mga gubat: at sa kaniyang
templo ay nagsasabi ang bawa't bagay: kaluwalhatian. 10
Ang Panginoon ay naupo sa baha na parang Hari; Oo, ang
Panginoon ay nauupong parang Hari magpakailan man. 11
Ang Panginoon ay magbibigay ng kalakasan sa kaniyang
bayan; pagpapalain ng Panginoon ang kaniyang bayan ng
kapayapaan.

**30** Dadakilain kita, Oh Panginoon; sapagka't itinindig mo
ako, at hindi mo pinagalak sa akin ang aking mga
kaaway. 2 Oh Panginoon kong Dios, dumaing ako sa iyo,
at ako'y pinagaling mo. 3 Oh Panginoon, iyong isinampa
ang aking kaluluwa mula sa Sheol: iyong iningatan akong
buhay, upang huwag akong bumaba sa hukay. **(Sheol h7585)**
4 Magsiawit kayo ng pagpuri sa Panginoon, Oh kayong
mga banal niya, at mangagpasalamat kayo sa kaniyang
banal na pangalan. 5 Sapagka't ang kaniyang galit ay
sangdali lamang; ang kaniyang paglingap ay habang buhay:
pagiyak ay magtatagal ng magdamag, nguni't kagalakan ay
dumarating sa kinaumagahan. 6 Tungkol sa akin, sinabi
ko sa aking kaginhawahan: hindi ako makikilos kailan
man. 7 Ikaw, Panginoon, sa iyong paglingap ay pinatayo
mong matibay ang aking bundok: iyong ikinubli ang iyong
mukha; ako'y nabagabag. 8 Ako'y dumaing sa iyo, Oh
Panginoon; at sa Panginoon ay gumawa ako ng pamanhik:

9 Anong pakinabang magkakaroon sa aking dugo, pagka
ako'y mababa sa hukay? Pupuri ba sa iyo ang alabok?
magsasaysay ba ito ng iyong katotohanan? 10 Iyong dinggin,
Oh Panginoon, at maawa ka sa akin: Panginoon, maging
saklolo nawa kita. 11 Iyong pinapaging sayaw sa akin ang
aking tangis; iyong kinalag ang aking kayong magaspang, at
binigkisan mo ako ng kasayahan: 12 Upang ang pagluwalhati
ko ay umawit na pagpupuri sa iyo at huwag maging tahimik:
Oh Panginoon kong Dios, ako'y magpapasalamat sa iyo
magpakailan man.

**31** Sa iyo, Oh Panginoon, nanganganlong ako; huwag
akong mapahiya kailan man; palayain mo ako sa
iyong katuwiran. 2 Ikiling mo ang iyong pakinig sa akin;
iligtas mo akong madali: maging matibay na kanlungan ka
nawa sa akin, bahay na sanggalangan upang iligtas ako.
3 Sapagka't ikaw ang aking malaking bato, at aking kuta;
alangalang nga sa iyong pangalan ay pangunahan mo ako,
at patnubayan mo ako. 4 Hugutin mo ako sa silo na kanilang
inilagay na lihim ukol sa akin; sapagka't ikaw ang aking
katibayan. 5 Sa iyong kamay ay inihabilin ko ang aking
diwa; iyong tinubos ako, Oh Panginoon, ikaw na Dios ng
katotohanan. 6 Aking pinagtataniman ang nangagmamasid
ng mga walang kabuluhang karayaan: nguni't tumitiwala
ako sa Panginoon. 7 Ako'y matutuwa at magagalak sa
iyong kagandahang-loob: sapagka't iyong nakita ang aking
kadalamhatian: iyong nakilala ang aking kaluluwa sa mga
kasakunaan: 8 At hindi mo kinulong sa kamay ng kaaway;
iyong inilagay ang aking mga paa sa maluwag na dako. 9
Maawa ka sa akin, Oh Panginoon, sapagka't ako'y nasa
kahirapan: ang aking mata ay namumugto sa kapanglawan,
oo, ang aking kaluluwa, at aking katawan. 10 Sapagka't
ang aking buhay ay napupugnaw sa kapanglawan, at ang
aking mga taon ay sa pagbubuntong hininga: ang aking
lakas ay nanglulupaypay dahil sa aking kasamaan, at ang
aking mga buto ay nangangatog. 11 Dahil sa lahat ng aking
mga kaaway ay naging kaduwahagihan ako, Oo, lubha
nga sa aking mga kapuwa, at takot sa aking mga kakilala:
silang nangakakita sa akin sa labas ay tinakasan ako. 12
Ako'y nilimot sa pagiisip na parang patay na tao: Ako'y
parang basag na sisidlan. 13 Sapagka't aking narinig ang
paninirang puri ng marami, kakilabutan sa bawa't dako.
Samantalang sila'y nagsasangguniang magkakasama laban
sa akin, kanilang pinagsisikapang alisin ang aking buhay. 14
Nguni't tumiwala ako sa iyo, Oh Panginoon: aking sinabi:
Ikaw ay aking Dios. 15 Ang aking mga kapanahunan ay
nasa iyong kamay: iligtas mo ako sa kamay ng aking mga
kaaway, at sa mga nagsisiusig sa akin. 16 Iyong pasilangin
ang iyong mukha sa iyong lingkod: iligtas mo ako ng iyong
kagandahang-loob. 17 Huwag nawa akong mapahiya, Oh
Panginoon; sapagka't ako'y tumawag sa iyo: mapahiya
nawa ang masama, magsitahimik nawa (sila) sa Sheol.
**(Sheol h7585)** 18 Matahimik nawa ang mga sinungaling na
labi; na nangagsasalita laban sa matuwid ng kalasuwaan,
ng kapalaluan at paghamak. 19 Oh pagkadakila ng iyong
kabutihan, na iyong iningatan para sa kanila na nangatatakot
sa iyo, na iyong ginawa sa kanila na nagsisipagkanlong sa
iyo, sa harap ng mga anak ng mga tao! 20 Sa lihim ng iyong
harapan ay iyong ikukubli (sila) sa mga banta ng mga tao:
iyong iingatan silang lihim sa kulandong mula sa mga talas
ng mga dila. 21 Purihin ang Panginoon: sapagka't ipinakilala
niya sa akin ang kaniyang kagilagilalas na kagandahang-
loob sa isang matibay na bayan. 22 Tungkol sa akin, sinabi
ko sa aking pagmamadali, nahiwalay ako sa harap ng iyong
mga mata: gayon ma'y dininig mo ang tinig ng aking mga
pamanhik, nang ako'y dumaing sa iyo. 23 Oh ibigin ninyo
ang Panginoon, ninyong lahat na mga banal niya: pinalalagi
ng Panginoon ang tapat, at pinanghihigantihang lubos ang
manggagawang palalo. 24 Kayo'y mangagpakalakas, at
mangagdalang tapang ang inyong puso, kayong lahat na
nagsisiasa sa Panginoon.

**32** Mapalad siyang pinatawad ng pagsalangsang, na
tinakpan ang kasalanan. 2 Mapalad ang tao na
hindi paratangan ng kasamaan ng Panginoon, at walang
pagdaraya ang diwa niya. 3 Nang ako'y tumahimik, ay
nanglumo ang aking mga buto dahil sa aking pagangal
buong araw. 4 Sapagka't araw at gabi ay mabigat sa akin
ang iyong kamay: ang aking lamig ng katawan ay naging
katuyuan ng taginit. (Selah) 5 Aking kinilala ang aking
kasalanan sa iyo, at ang aking kasamaan ay hindi ko ikinubli:
aking sinabi, aking ipahahayag ang aking pagsalangsang sa
Panginoon; at iyong ipinatawad ang kasamaan ng aking
kasalanan. 6 Dahil dito'y dalanginan ka nawa ng bawa't isa
na banal sa panahong masusumpungan ka: tunay na pagka
ang mga malaking tubig ay nagsisiapaw ay hindi aabutan
nila siya. 7 Ikaw ay aking kublihang dako; iyong iingatan
ako sa kabagabagan; iyong kukulungin ako sa palibot ng
mga awit ng kaligtasan. (Selah) 8 Aking ipaaalam sa iyo at
ituturo sa iyo ang daan na iyong lalakaran: papayuhan kita
na ang aking mga mata, ay nakatitig sa iyo. 9 Huwag nawa
kayong maging gaya ng kabayo, o gaya ng mula na walang
unawa: na marapat igayak ng busal at ng paningkaw upang
ipangpigil sa kanila, na kung dili'y hindi (sila) magsisilapit
sa iyo. 10 Maraming kapanglawan ay sasapit sa masama:
nguni't siyang tumitiwala sa Panginoon, kagandahang-loob
ang liligid sa kaniya sa palibot. 11 Kayo'y mangatuwa sa
Panginoon, at mangagalak kayo, kayong mga matuwid: at
magsihiyaw kayo ng dahil sa kagalakan kayong lahat na
matuwid sa puso.

**33** Mangagalak kayo sa Panginoon, Oh kayong mga
matuwid: pagpuri ay maganda sa ganang matuwid.
2 Kayo'y mangagpasalamat sa Panginoon na may alpa:
magsiawit kayo ng mga pagpuri sa kaniya na may salterio
na sangpung kuerdas. 3 Magsiawit kayo sa kaniya ng
bagong awit; magsitugtog kayong matalino na may malaking
ingay. 4 Sapagka't ang salita ng Panginoon ay matuwid;
at lahat niyang gawa ay ginawa sa pagtatapat. 5 Iniibig
niya ang katuwiran at kahatulan: ang lupa ay puno ng
kagandahang-loob ng Panginoon. 6 Sa pamamagitan ng
salita ng Panginoon ay nayari ang mga langit; at lahat ng
natatanaw roon ay sa pamamagitan ng hinga ng kaniyang
bibig. 7 Kaniyang pinipisan ang tubig ng dagat na parang
isang bunton: inilalagay niya ang mga kalaliman sa mga
kalawakan. 8 Matakot nawa ang buong lupa sa Panginoon:
magsitayo nawang may takot ang lahat ng taga sanglibutan
sa kaniya. 9 Sapagka't siya'y nagsalita, at nangyari; siya'y
nagutos, at tumayong matatag. 10 Dinadala ng Panginoon
sa wala ang payo ng mga bansa: kaniyang niwawalang
halaga ang mga pagiisip ng mga bayan. 11 Ang payo ng
Panginoon ay nanganayong matibay magpakailan man, ang
mga pagiisip ng kaniyang puso sa lahat ng sali't saling lahi.
12 Mapalad ang bansa na ang Dios ay ang Panginoon; ang
bayan na kaniyang pinili sa ganang kaniyang sariling mana.
13 Ang Panginoon ay tumitingin mula sa langit; kaniyang
minamasdan ang lahat na anak ng mga tao; 14 Mula sa
dakong kaniyang tahanan ay tumitingin siya sa lahat na
nangananahan sa lupa; 15 Siyang naghuhugis ng mga puso
nilang lahat, na nagmamasid sa lahat nilang mga gawa. 16
Walang hari na nakaliligtas sa pamamagitan ng karamihan
ng hukbo: ang makapangyarihang tao ay hindi naliligtas
sa pamamagitan ng malaking kalakasan. 17 Ang kabayo
ay walang kabuluhang bagay sa pagliligtas: ni hindi niya
iniligtas ang sinoman sa pamamagitan ng kaniyang malaking
kalakasan; 18 Narito, ang mata ng Panginoon ay nasa
kanila na nangatatakot sa kaniya, sa kanila na nagsisiasa sa
kaniyang kagandahang-loob; 19 Upang iligtas ang kaniyang
kaluluwa sa kamatayan, at upang ingatan silang buhay sa
kagutom. 20 Hinintay ng aming kaluluwa ang Panginoon:
siya'y aming saklolo at aming kalasag. 21 Sapagka't ang
aming puso ay magagalak sa kaniya, sapagka't kami ay
nagsitiwala sa kaniyang banal na pangalan. 22 Sumaamin
nawa ang iyong kagandahang-loob, Oh Panginoon, ayon sa
aming pagasa sa iyo.

**34** Aking pupurihin ang Panginoon sa buong panahon:
ang pagpuri sa kaniya ay laging sasa aking bibig. 2 Ang
aking kaluluwa ay maghahambog sa Panginoon: maririnig
ng maamo at masasayahan. 3 Oh dakilain ninyo na kasama
ko ang Panginoon, at tayo'y mangagbunyi na magkakasama
ng kaniyang pangalan. 4 Aking hinanap ang Panginoon, at
sinagot niya ako, at iniligtas niya ako sa lahat ng aking mga
katakutan. 5 Sila'y nagsitingin sa kaniya, at nangaliwanagan:
at ang kanilang mukha ay hindi malilito kailan man. 6
Itong abang tao'y dumaing, at dininig siya ng Panginoon.
At iniligtas siya sa lahat niyang mga kabagabagan. 7 Ang
anghel ng Panginoon ay humahantong sa buong palibot
ng nangatatakot sa kaniya, at ipinagsasanggalang (sila) 8
Oh inyong tikman at tingnan ninyo na ang Panginoon ay
mabuti: mapalad ang tao na nanganganlong sa kaniya. 9 Oh
mangatakot kayo sa Panginoon, kayong mga banal niya:
sapagka't walang kakulangan sa kanila na nangatatakot sa
kaniya. 10 Ang mga batang leon ay kinakapos at nagtitiis ng
gutom. Nguni't silang nagsisihanap sa Panginoon ay hindi
kukulangin ng anomang mabuting bagay. 11 Magsiparito
kayo, kayong mga anak, dinggin ninyo ako: aking tuturuan
kayo ng pagkatakot sa Panginoon. 12 Sinong tao ang
nagnanasa ng buhay, at umiibig sa maraming kaarawan
upang makakita siya ng mabuti? 13 Ingatan mo ang iyong
dila mula sa masama. At ang iyong mga labi sa pagsasalita
ng karayaan. 14 Lumayo ka sa kasamaan, at gumawa
ka ng mabuti; hanapin mo ang kapayapaan at habulin
mo. 15 Ang mga mata ng Panginoon ay nakatitig sa mga
matuwid, at ang kaniyang mga pakinig ay nakabukas sa
kanilang daing. 16 Ang mukha ng Panginoon ay laban sa
kanila na nagsisigawa ng kasamaan, upang ihiwalay ang
alaala sa kanila sa lupa. 17 Ang matuwid ay nagsidaing, at
dininig ng Panginoon, at iniligtas (sila) sa lahat nilang mga
kabagabagan. 18 Ang Panginoon ay malapit sa kanila na
may bagbag na puso, at inililigtas ang mga may pagsisising
diwa. 19 Marami ang kadalamhatian ng matuwid; nguni't
inililigtas ng Panginoon sa lahat. 20 Kaniyang iniingatan
ang lahat niyang mga buto: wala isa man sa mga yaon
na nababali. 21 Papatayin ng kasamaan ang masama: at
silang nangagagalit sa matuwid na tao ay kikilanling may
sala. 22 Tinutubos ng Panginoon ang kaluluwa ng kaniyang
mga lingkod: at wala sa nagsisipagkanlong sa kaniya ay
kikilanling may sala.

**35** Awayin mo, Oh Panginoon, silang nagsisiaway sa
akin: lumaban ka sa kanila na nagsisilaban sa akin. 2
Humawak ka ng kalasag at ng longki, at tumayo ka na pinaka
tulong sa akin. 3 Kumuha ka rin naman ng sibat, at tumigil
ka sa daan laban sa kanila na nagsisihabol sa akin: sabihin
mo sa aking kaluluwa, Ako'y iyong kaligtasan. 4 Mangahiya
nawa (sila) at madala sa kasiraang puri ang nagsisiusig
sa aking kaluluwa: mangapabalik (sila) at mangalito silang
nagsisikatha ng aking kapahamakan. 5 Maging gaya nawa
(sila) ng ipa sa unahan ng hangin, at itaboy (sila) ng anghel ng
Panginoon. 6 Maging madilim nawa, at madulas ang kanilang

daan, at habulin (sila) ng anghel ng Panginoon. 7 Sapagka't
walang kadahilanan ay ipinagkubli nila ako ng kanilang silo sa
hukay, walang kadahilanan ay nagsihukay (sila) para sa aking
kaluluwa. 8 Dumating nawa sa kaniya ng walang anoano
ang pagkapahamak; at hulihin nawa siya ng kaniyang silo
na kaniyang ikinubli: mahulog nawa siya sa ikapapahamak
niya. 9 At ang aking kaluluwa ay magagalak sa Panginoon:
magagalak na mainam sa kaniyang pagliligtas. 10 Lahat
ng aking mga buto ay magsasabi, Panginoon, sino ang
gaya mo, na inililigtas ang dukha doon sa totoong malakas
kay sa kaniya, Oo, ang dukha at ang mapagkailangan
sa sumasamsam sa kaniya? 11 Mga saksing masasama
ay nagsisitayo; sila'y nangagtatanong sa akin ng mga
bagay na di ko nalalaman. 12 Iginaganti nila sa akin ay
kasamaan sa mabuti, sa pagpapaulila ng aking kaluluwa. 13
Nguni't tungkol sa akin, nang sila'y may sakit, ang aking
suot ay magaspang na kayo: aking pinagdalamhati ang
aking kaluluwa ng pagaayuno; at ang aking dalangin ay
nagbabalik sa aking sariling sinapupunan. 14 Ako'y nagasal
na tila aking kaibigan o aking kapatid: ako'y yumuyukong
tumatangis na tila iniiyakan ang kaniyang ina. 15 Nguni't
pagka ako'y natisod sila'y nangagagalak, at nagpipisan: ang
mga uslak ay nagpipisan laban sa akin, at hindi ko nalaman;
16 Gaya ng mga nanunuyang suwail sa mga kapistahan,
kanilang pinagngangalit sa akin ang kanilang mga ngipin. 17
Panginoon, hanggang kailan titingin ka? Iligtas mo ang aking
kaluluwa sa kanilang mga pagsira, ang aking sinta mula
sa mga leon. 18 Ako'y magpapasalamat sa iyo sa dakilang
kapisanan: aking pupurihin ka sa gitna ng maraming tao. 19
Huwag magalak sa akin na may kamalian ang aking mga
kaaway; ni magkindat man ng mata ang nangagtatanim
sa akin ng walang kadahilanan. 20 Sapagka't sila'y hindi
nangagsasalita ng kapayapaan: kundi sila'y nagsisikatha ng
mga magdarayang salita laban sa mga tahimik sa lupain. 21
Oo, kanilang ibinuka ng maluwang ang kanilang bibig laban
sa akin; kanilang sinasabi: Aha, aha, nakita ng aming mata.
22 Iyong nakita ito, Oh Panginoon; huwag kang tumahimik,
Oh Panginoon, huwag kang lumayo sa akin. 23 Kumilos
ka, at ikaw ay gumising upang gawan ako ng kahatulan,
sa aking usap, Dios ko at Panginoon ko. 24 Hatulan mo
ako, Oh Panginoon kong Dios, ayon sa iyong katuwiran;
at huwag mo silang pagalakin sa akin. 25 Huwag silang
magsabi sa kanilang sarili: Aha, nasa namin: huwag silang
magsabi: Aming sinakmal siya. 26 Mangapahiya nawa (sila)
at mangalito na magkakasama ang mga nangagalak sa
aking pagkapahamak: manganamit nawa ng kahihiyan at
kasiraang puri ang nangagmamalaki laban sa akin. 27
Magsihiyaw nawa ng kagalakan, at mangasayahan, ang
nagsisilingap ng aking katuwiran: Oo, mangagsabi nawa
silang palagi: Dakilain ang Panginoon, na nalulugod sa
kaginhawahan ng kaniyang lingkod. 28 At ang aking dila ay
mangungusap ng iyong katuwiran, at ng pagpuri sa iyo sa
buong araw.

**36** Ang pagsalangsang ng masama ay nagsasabi sa
loob ng aking puso: walang takot sa Dios sa harap
ng kaniyang mga mata. 2 Sapagka't siya'y nanghihibo ng
kaniyang sariling mga mata, na ang kaniyang kasamaan ay
hindi masusumpungan at pagtataniman. 3 Ang mga salita ng
kaniyang bibig ay kasamaan at karayaan: iniwan niya ang
pagkapantas at paggawa ng mabuti. 4 Siya'y kumakatha ng
kasamaan sa kaniyang higaan; siya'y lumagay sa isang daan
na hindi mabuti; hindi niya kinayayamutan ang kasamaan. 5
Ang iyong kagandahang-loob, Oh Panginoon, ay nasa mga
langit: ang iyong pagtatapat ay umaabot hanggang sa langit.
6 Ang iyong katuwiran ay gaya ng mga bundok ng Dios: ang
iyong mga kahatulan ay dakilang kalaliman: Oh Panginoon,
iyong iniingatan ang tao at hayop. 7 Napaka mahalaga ng
iyong kagandahang-loob, Oh Dios! At ang mga anak ng
mga tao ay nanganganlong sa ilalim ng iyong mga pakpak.
8 Sila'y nangabubusog ng sagana ng katabaan ng iyong
bahay; at iyong paiinumin (sila) sa ilog ng iyong kaluguran.
9 Sapagka't nasa iyo ang bukal ng buhay: sa iyong liwanag
makakakita kami ng liwanag. 10 Oh, ilagi mo nawa ang
iyong kagandahang-loob sa kanila na nangakakakilala sa
iyo: at ang iyong katuwiran sa matuwid sa puso. 11 Huwag
nawang dumating laban sa akin ang paa ng kapalaluan, at
huwag nawa akong itaboy ng kamay ng masama. 12 Doo'y
nangabuwal ang mga manggagawa ng kasamaan: sila'y
nangalugmok at hindi makakatindig.

**37** Huwag kang mabalisa dahil sa mga manggagawa
ng kasamaan, ni managhili ka man sa kanila na
nagsisigawa ng kalikuan. 2 Sapagka't sila'y madaling
puputuling gaya ng damo, at matutuyong gaya ng sariwang
damo. 3 Tumiwala ka sa Panginoon, at gumawa ka ng mabuti;
tumahan ka sa lupain, at gawin mong kumain sa kaniyang
pagkatapat. 4 Magpakaligaya ka naman sa Panginoon; at
bibigyan ka niya ng nasa ng iyong puso. 5 Ihabilin mo ang
iyong lakad sa Panginoon; tumiwala ka rin naman sa kaniya,
at kaniyang papangyayarihin. 6 At kaniyang palalabasing
gaya ng liwanag ang iyong katuwiran, at ang iyong kahatulan
ay gaya ng katanghaliang tapat. 7 Ikaw ay magpahinga
sa Panginoon, at maghintay kang may pagtitiis sa kaniya:
huwag kang mabalisa ng dahil sa kaniya na gumiginhawa sa
kaniyang lakad, dahil sa lalake na nagpapangyari ng mga
masamang katha. 8 Maglikat ka ng pagkagalit, at bayaan
mo ang poot: huwag kang mabalisa, iya'y maghahatid
lamang sa paggawa ng kasamaan. 9 Sapagka't ang mga

manggagawa ng kasamaan ay mangahihiwalay: nguni't
yaong nagsipaghintay sa Panginoon, ay mangagmamana
(sila) ng lupain. 10 Sapagka't sangdali na lamang, at ang
masama ay mawawala na: Oo, iyong uusisaing mainam
ang kaniyang dako, at siya'y mawawala na. 11 Nguni't ang
maamo ay magmamana ng lupain, at masasayahan sa
kasaganaan ng kapayapaan. 12 Ang masama ay kumakatha
laban sa ganap, at pinagngangalit sa kaniya ang kaniyang
mga ngipin. 13 Tatawanan siya ng Panginoon: sapagka't
kaniyang nakikita na ang kaniyang kaarawan ay dumarating.
14 Hinugot ng masama ang tabak, at inihanda ang kanilang
busog: upang ilugmok ang dukha at mapagkailangan,
upang patayin ang matuwid sa paglakad: 15 Ang kanilang
tabak ay masasaksak sa kanilang sariling puso, at ang
kanilang busog ay mababali. 16 Mainam ang kaunti na
tinatangkilik ng matuwid, kay sa kasaganaan ng maraming
masama. 17 Sapagka't ang mga bisig ng masasama ay
mangababali: nguni't inaalalayan ng Panginoon ang matuwid.
18 Nalalaman ng Panginoon ang kaarawan ng sakdal: at
ang kanilang mana ay magiging sa magpakailan man. 19
Hindi (sila) mangapapahiya sa panahon ng kasamaan: at
sa mga kaarawan ng kagutom ay mangabubusog (sila) 20
Nguni't ang masama ay mamamatay, at ang mga kaaway
ng Panginoon ay magiging gaya ng taba ng mga kordero:
sila'y mangapupugnaw: sa usok mangapupugnaw (sila) 21
Ang masama ay humihiram, at hindi nagsasauli: nguni't ang
matuwid ay nahahabag, at nagbibigay. 22 Sapagka't ang
mga gayong pinagpala ng Panginoon ay mangagmamana ng
lupain; at silang sinumpa niya ay mahihiwalay. 23 Ang lakad
ng tao ay itinatag ng Panginoon; at siya'y nasasayahan sa
kaniyang lakad. 24 Bagaman siya'y mabuwal, hindi siya lubos
na mapapahiga: Sapagka't inaalalayan siya ng Panginoon ng
kaniyang kamay. 25 Ako'y naging bata, at ngayo'y matanda;
gayon ma'y hindi ko nakita ang matuwid na pinabayaan, ni
ang kaniyang lahi man ay nagpapalimos ng tinapay. 26 Lahat
ng araw ay nahahabag, at nagpapahiram; at ang kaniyang
lahi ay pinagpapala. 27 Ikaw ay humiwalay sa kasamaan,
at gumawa ka ng mabuti; at manahan ka magpakailan
man. 28 Sapagka't iniibig ng Panginoon ang kahatulan,
at hindi pinababayaan ang kaniyang mga banal; sila'y
iniingatan magpakailan man: nguni't ang lahi ng masama
ay mahihiwalay. 29 Mamanahin ng matuwid ang lupain, at
tatahan doon magpakailan man. 30 Ang bibig ng matuwid
ay nangungusap ng karunungan, at ang kaniyang dila ay
nagsasalita ng kahatulan. 31 Ang kautusan ng kaniyang Dios
ay nasa kaniyang puso, walang madudulas sa kaniyang
mga hakbang. 32 Inaabatan ng masama ang matuwid, at
pinagsisikapang patayin niya siya. 33 Hindi siya iiwan ng
Panginoon sa kaniyang kamay, ni parurusahan man siya
pagka siya'y nahatulan. 34 Hintayin mo ang Panginoon,
at ingatan mo ang kaniyang daan, at ibubunyi ka upang
manahin mo ang lupain: pagka nahiwalay ang masama,
iyong makikita. 35 Aking nakita ang masama sa malaking
kapangyarihan, at lumalaganap na gaya ng sariwang punong
kahoy sa kaniyang lupang tinubuan. 36 Nguni't may dumaan
at, narito, wala na siya: Oo, hinanap ko siya, nguni't hindi
siya masumpungan. 37 Tandaan mo ang sakdal na tao, at
masdan mo ang matuwid: sapagka't may isang maligayang
wakas sa taong may kapayapaan. 38 Tungkol sa mga
mananalangsang, mangalilipol silang magkakasama: ang
huling wakas ng masama ay mahihiwalay. 39 Nguni't ang
kaligtasan ng matuwid ay sa Panginoon: siya'y ang kanilang
kuta sa panahon ng kabagabagan. 40 At sila'y tinutulungan
ng Panginoon, at sinasagip (sila) sinasagip niya (sila) sa
masama, at iniliDigtas (sila) Sapagka't sila'y nagsipagkanlong
sa kaniya.

**38** Oh Panginoon, huwag mo akong sawayin sa iyong pag-
iinit: ni parusahan mo man ako sa iyong mahigpit na
sama ng loob. 2 Sapagka't ang iyong mga pana ay nagsitimo
sa akin, at pinipisil akong mainam ng iyong kamay. 3
Walang kagalingan sa aking laman dahil sa iyong pagkagalit;
ni may kaginhawahan man sa aking mga buto dahil sa
aking kasalanan. 4 Sapagka't ang aking mga kasamaan ay
nagsidaan sa ibabaw ng aking ulo: gaya ng isang pasang
mabigat ay napakabigat sa akin. 5 Ang aking mga sugat ay
mabaho, at putokputok, dahil sa aking kamangmangan. 6
Ako'y nahirapan at ako'y nahukot; ako'y tumatangis buong
araw. 7 Sapagka't ang aking mga balakang ay lipos ng hirap;
at walang kagalingan sa aking laman. 8 Ako'y nanglalata,
at bugbog na mainam: ako'y umangal dahil sa kaba ng
aking loob. 9 Panginoon, lahat ng aking nais ay nasa harap
mo; at ang aking hibik ay hindi lingid sa iyo. 10 Ang aking
loob ay kakabakaba, ang aking kalakasan ay nanglalata:
tungkol sa liwanag ng aking mga mata, ay napawi rin ito
sa akin. 11 Ang mga mangliligaw at mga kaibigan ko ay
nangatayong malayo sa aking paghihirap; at ang aking mga
kamaganak ay nakalayo. 12 (Sila) namang nangaguusig
ng aking buhay ay nangaglagay ng mga silo na ukol sa
akin; at silang nagsisihanap ng aking ikapapahamak ay
nangagsasalita ng mga masasamang bagay, at nangagiisip
ng pagdaraya buong araw. 13 Nguni't ako'y gaya ng binging
tao, na hindi nakakarinig; at ako'y gaya ng piping tao, na
hindi ibinubuka ang kaniyang bibig. 14 Oo, ako'y gaya ng
tao na hindi nakakarinig, at sa kaniyang bibig ay walang
mga kasawayan. 15 Sapagka't sa iyo, Oh Panginoon ay
umaasa ako: ikaw ay sasagot, Oh Panginoon kong Dios. 16
Sapagka't aking sinabi: Baka ako'y kagalakan nila: pagka
ang aking paa ay nadudulas, ay nagsisipagmataas (sila)

laban sa akin. 17 Sapagka't ako'y madali ng mahulog,
at ang aking kapanglawan ay laging nasa harap ko. 18
Sapagka't aking ipahahayag ang aking kasamaan; aking
ikamamanglaw ang aking kasalanan. 19 Nguni't ang aking
mga kaaway ay buhay at malalakas: at silang nangagtatanim
sa akin na may kamalian ay dumami. 20 (Sila) namang
nangagbabayad ng kasamaan sa mabuti ay mga kaaway ko,
sapagka't aking sinunod ang bagay na mabuti. 21 Huwag
mo akong pabayaan, Oh Panginoon: Oh Dios ko, huwag
kang lumayo sa akin. 22 Magmadali kang tulungan mo ako,
Oh Panginoon na aking kaligtasan.

**39** Aking sinabi, ako'y magiingat sa aking mga lakad,
upang huwag akong magkasala ng aking dila: aking
iingatan ang aking dila ng paningkaw, samantalang ang
masama ay nasa harap ko. 2 Ako'y napipi ng pagtahimik,
ako'y tumahimik pati sa mabuti; at ang aking kalungkutan
ay lumubha. 3 Ang aking puso ay mainit sa loob ko;
habang ako'y nagbubulaybulay ay nagalab ang apoy: nang
magkagayo'y nagsalita ako ng aking dila: 4 Panginoon,
ipakilala mo sa akin ang aking wakas, at ang sukat ng aking
mga kaarawan, kung ano; ipakilala mo sa akin kung gaano
kahina ako. 5 Narito, gaya ng mga dangkal ginawa mo ang
aking mga kaarawan; at ang aking gulang ay tila wala sa
harap mo: tunay na bawa't tao sa kaniyang mainam na
kalagayan ay pawang walang kabuluhan. (Selah) 6 Tunay
na bawa't tao ay lumalakad sa walang kabuluhang lilim:
tunay na sila'y nagugulo ng walang kabuluhan: kaniyang
ibinubunton ang mga kayamanan, at hindi nalalaman kung
sinong nagsisipulot. 7 At ngayon, Panginoon, ano pa ang
aking hinihintay? Ang aking pagasa ay nasa iyo. 8 Iligtas
mo ako sa lahat ng aking mga pagsalangsang: huwag mo
akong gawing katuyaan ng hangal. 9 Ako'y pipi, hindi ko
ibinuka ang aking bibig; sapagka't ikaw ang gumawa. 10
Iurong mo sa akin ang iyong suntok: ako'y bugbog na sa
suntok ng iyong kamay. 11 Pagka sa pamamagitan ng
mga parusa dahil sa kasamaan ay iyong sinasaway ang
tao, iyong sinisira ang kaniyang kagandahan na parang
pagsira ng tanga: tunay na bawa't tao ay walang kabuluhan.
(Selah) 12 Iyong dinggin ang aking dalangin, Oh Panginoon,
at pakinggan mo ang aking daing: huwag kang tumahimik
sa aking mga luha: sapagka't ako'y taga ibang lupa na
kasama mo; nakikipamayan na gaya ng lahat na aking mga
magulang. 13 Oh tulungan mo ako, upang ako'y magbawing
lakas, Bago ako manaw, at mawala.

**40** Aking hinintay na may pagtitiis ang Panginoon; at
siya'y kumiling sa akin, at dininig ang aking daing. 2
Isinampa naman niya ako mula sa isang kakilakilabot na
balon, mula sa balahong malagkit; at itinuntong niya ang
aking mga paa sa isang malaking bato, at itinatag ang aking
mga paglakad. 3 At siya'y naglagay ng bagong awit sa aking
bibig, sa makatuwid baga'y pagpuri sa aming Dios: marami
ang mangakakakita at mangatatakot, at magsisitiwala sa
Panginoon. 4 Mapalad ang tao na ginagawang kaniyang
tiwala ang Panginoon, at hindi iginagalang ang palalo, ni
ang mga naliligaw man sa pagsunod sa mga kabulaanan. 5
Marami, Oh Panginoon kong Dios, ang mga kagilagilalas
na mga gawa na iyong ginawa, at ang iyong mga pagiisip
sa amin: hindi malalagay na maayos sa harap mo; kung
ako'y magpapahayag at sasalitain ko (sila) sila'y higit kay sa
mabibilang. 6 Hain at handog ay hindi mo kinaluluguran;
ang aking pakinig ay iyong binuksan: handog na susunugin,
at handog tungkol sa kasalanan ay hindi mo hiningi. 7
Nang magkagayo'y sinabi ko: Narito, dumating ako; sa
balumbon ng aklat ay nakasulat tungkol sa akin: 8 Aking
kinaluluguran sundin ang iyong kalooban, Oh Dios ko; Oo,
ang iyong kautusan ay nasa loob ng aking puso. 9 Ako'y
nagpahayag ng mabuting balita ng katuwiran sa dakilang
kapisanan; narito, hindi ko pipigilin ang aking mga labi,
Oh Panginoon, iyong nalalaman. 10 Hindi ko ikinubli ang
iyong katuwiran sa loob ng aking puso; aking ibinalita ang
iyong pagtatapat, at ang iyong pagliligtas: hindi ko inililihim
ang iyong kagandahang-loob at ang iyong katotohanan sa
dakilang kapisanan. 11 Huwag mong pigilin sa akin ang iyong
mga malumanay na kaawaan, Oh Panginoon: panatilihin
mong lagi sa akin ang iyong kagandahang-loob at ang iyong
katotohanan. 12 Sapagka't kinulong ako ng walang bilang
na kasamaan. Ang mga kasamaan ko ay umabot sa akin,
na anopa't hindi ako makatingin; sila'y higit kay sa mga
buhok ng aking ulo, at ang aking puso ay nagpalata sa
akin. 13 Kalugdan mo nawa, Oh Panginoon, na iligtas ako:
Ikaw ay magmadaling tulungan mo ako, Oh Panginoon. 14
Sila'y mangapahiya nawa at mangatulig na magkakasama
na nagsisiusig ng aking kaluluwa upang ipahamak: (Sila)
nawa'y mangapaurong at mangadala sa kasiraang puri na
nangalulugod sa aking kapahamakan. 15 Mangapahamak
nawa (sila) dahil sa kanilang kahihiyan na nangagsasabi sa
akin, Aha, aha. 16 Mangagalak at mangatuwa nawa sa iyo
ang lahat na nagsisihanap sa iyo: yaong nangagiibig ng iyong
kaligtasan ay mangagsabi nawang palagi, Ang Panginoon ay
dakilain. 17 Nguni't ako'y dukha at mapagkailangan; Gayon
ma'y inalaala ako ng Panginoon: Ikaw ang aking saklolo at
aking tagapagligtas; huwag kang magluwat, Oh Dios ko.

**41** Mapalad siya na nagpapakundangan sa dukha: ililigtas
siya ng Panginoon sa panahon ng kaligaligan. 2
Pananatilihin siya, at iingatan siyang buhay ng Panginoon, at
siya'y pagpapalain sa ibabaw ng lupa; at huwag mong ibigay
siya sa kalooban ng kaniyang mga kaaway. 3 Aalalayan

siya ng Panginoon sa hiligan ng panghihina: iyong inaayos
ang buo niyang higaan sa kaniyang pagkakasakit. 4 Aking
sinabi, Oh Panginoon, maawa ka sa akin: pagalingin mo ang
aking kaluluwa; sapagka't ako'y nagkasala laban sa iyo. 5
Ang aking mga kaaway ay nangagsasalita ng kasamaan
laban sa akin, na nangagsasabi, kailan siya mamamatay,
at mapapawi ang kaniyang pangalan? 6 At kung siya'y
pumaritong tingnang ako siya'y nagsasalita ng walang
kabuluhan; ang kaniyang puso ay nagpipisan ng kasamaan
sa kaniyang sarili; pagka siya'y lumabas, isinasaysay niya. 7
Yaong lahat na nangagtatanim sa akin ay nangagbubulong-
bulungan laban sa akin: laban sa akin ay nagsisikatha
ng panghamak. 8 Isang masamang sakit, wika nila, ay
kumapit na madali sa kaniya; at ngayon siyang nahihiga ay
hindi na babangon pa. 9 Oo, ang aking kasamasamang
kaibigan, na aking tiniwalaan, na kumain ng aking tinapay,
nagtaas ng kaniyang sakong laban sa akin. 10 Nguni't ikaw,
Oh Panginoon, maawa ka sa akin, at ibangon mo ako,
upang aking magantihan (sila) 11 Sa pamamagitan nito ay
natatalastas ko na nalulugod ka sa akin, sapagka't ang aking
kaaway ay hindi nagtatagumpay sa akin. 12 At tungkol sa
akin, iyong inaalalayan ako sa aking pagtatapat, at inilalagay
mo ako sa harap ng iyong mukha magpakailan man. 13
Purihin ang Panginoon, ang Dios ng Israel, mula sa walang
pasimula at hanggang sa walang hanggan. Siya nawa, at
Siya nawa.

**42** Kung paanong humihingal ang usa sa pagkauhaw
sa tubig ng mga batis, gayon humihingal ang aking
kaluluwa sa pagkasabik sa iyo, Oh Dios. 2 Kinauuhawan ng
aking kaluluwa ang Dios, ang buhay na Dios: kailan ako
paririto, at haharap sa Dios? 3 Ang aking mga luha ay naging
aking pagkain araw at gabi, Habang kanilang sinasabing lagi
sa akin, saan nandoon ang iyong Dios? 4 Ang mga bagay
na ito ay aking naaalaala, at nanglulumo ang aking kaluluwa
sa loob ko, kung paanong ako'y nagpatuloy sa karamihan, at
pinatnubayan ko (sila) sa bahay ng Dios, na may tinig ng
kagalakan at pagpupuri, na isang karamihan na nagdidiwang
ng kapistahan. 5 Bakit ka nanglulumo, Oh kaluluwa ko?
At bakit ka nababagabag sa loob ko? Umasa ka sa Dios:
sapagka't pupuri pa ako sa kaniya dahil sa kagalingan ng
kaniyang mukha. 6 Oh Dios ko, ang aking kaluluwa ay
nanglulumo sa loob ko; kaya't aking inaalaala ka mula sa
lupain ng Jordan, at ng Hermonitas, mula sa burol ng Mizhar.
7 Kalaliman ay tumatawag sa kalaliman sa hugong ng iyong
mga baha: lahat ng iyong alon at ang iyong malaking alon
ay nagsitabon sa akin. 8 Gayon ma'y uutusan ng Panginoon
ang kaniyang kagandahang-loob sa araw, at sa gabi ay
sasa akin ang awit sa kaniya, sa makatuwid baga'y isang
dalangin sa Dios ng aking buhay. 9 Aking sasabihin sa Dios
na aking malaking bato, bakit mo ako kinalimutan? Bakit
ako'y yayaong tumatangis dahil sa pagpighati ng kaaway?
10 Na wari tabak sa aking mga buto, na tinutuya ako ng
aking mga kaaway; habang sinasabi nilang lagi sa akin,
saan nandoon ang iyong Dios? 11 Bakit ka nanglulumo, Oh
kaluluwa ko? At bakit ka nababagabag sa loob ko? Umasa
ka sa Dios: sapagka't pupuri pa ako sa kaniya, na siyang
kagalingan ng aking mukha, at aking Dios.

**43** Hatulan mo ako, Oh Dios, at ipagsanggalang mo ang
aking usap laban sa masamang bansa: Oh iligtas mo
ako sa magdaraya at hindi ganap na tao. 2 Sapagka't ikaw
ang Dios ng aking kalakasan; bakit mo ako itinakuwil? Bakit
ako yumayaong tumatangis dahil sa pagpighati ng kaaway?
3 Oh suguin mo ang iyong liwanag at ang iyong katotohanan;
patnubayan nawa nila ako: dalhin nawa nila ako sa iyong
banal na bundok, at sa iyong mga tabernakulo. 4 Kung
magkagayo'y paparoon ako sa dambana ng Dios, sa Dios
na aking malabis na kagalakan: at sa alpa ay pupuri ako
sa iyo, Oh Dios, aking Dios. 5 Bakit ka nanglulumo, Oh
kaluluwa ko? At bakit ka nababagabag sa loob ko? Umasa
ka sa Dios: sapagka't pupuri pa ako sa kaniya, na siyang
kagalingan ng aking mukha, at aking Dios.

**44** Narinig namin ng aming mga pakinig, Oh Dios,
isinaysay sa amin ng aming mga magulang, kung
anong gawa ang iyong ginawa sa kanilang mga kaarawan,
ng mga kaarawan ng una. 2 Iyong itinaboy ng iyong kamay
ang mga bansa, nguni't itinatag mo (sila) iyong dinalamhati
ang mga bayan, nguni't iyong pinangalat (sila) 3 Sapagka't
hindi nila tinamo ang lupain na pinakaari sa pamamagitan
ng kanilang sariling tabak, ni iniligtas man (sila) ng kanilang
sariling kamay: kundi ng iyong kanan, at ng iyong bisig, at
ng liwanag ng iyong mukha, sapagka't iyong nilingap (sila) 4
Ikaw ang aking Hari, Oh Dios: magutos ka ng kaligtasan
sa Jacob. 5 Dahil sa iyo'y itutulak namin ang aming mga
kaaway: sa iyong pangalan ay yayapakan namin (sila) na
nagsisibangon laban sa amin. 6 Sapagka't hindi ako titiwala
sa aking busog, ni ililigtas man ako ng aking tabak. 7 Nguni't
iniligtas mo kami sa aming mga kaaway, at inilagay mo
(sila) sa kahihiyan na nangagtatanim sa amin. 8 Sa Dios ay
naghahambog kami buong araw, at mangagpapasalamat
kami sa iyong pangalan magpakailan man. (Selah) 9 Nguni't
ngayo'y itinakuwil mo kami, at inilagay mo kami sa kasiraang
puri; at hindi ka lumalabas na kasama ng aming mga
hukbo. 10 Iyong pinatatalikod kami sa kaaway: at silang
nangagtatanim sa amin ay nagsisisamsam ng sa ganang
kanilang sarili. 11 Iyong ibinigay kaming gaya ng mga tupa
na pinaka pagkain; at pinangalat mo kami sa mga bansa. 12
Iyong ipinagbibili ang iyong bayan na walang bayad, at hindi

mo pinalago ang iyong kayamanan sa pamamagitan ng
kanilang halaga. **13** Ginawa mo kaming katuyaan sa aming
mga kapuwa, isang kasabihan at kadustaan nila na nangasa
palibot namin. **14** Iyong ginawa kaming kawikaan sa gitna ng
mga bansa, at kaugaan ng ulo sa gitna ng mga bayan. **15**
Buong araw ay nasa harap ko ang aking kasiraang puri, at
ang kahihiyan ng aking mukha ay tumakip sa akin, **16** Dahil
sa tinig niya na dumuduwahagi at tumutungayaw; dahil sa
kaaway at sa manghihiganti. **17** Lahat ng ito'y dumating sa
amin; gayon ma'y hindi namin kinalimutan ka, ni gumawa
man kami na may karayaan sa iyong tipan. **18** Ang aming
puso ay hindi tumalikod, ni ang amin mang mga hakbang ay
humiwalay sa iyong daan; **19** Na kami ay iyong lubhang
nilansag sa dako ng mga chakal, at tinakpan mo kami ng
lilim ng kamatayan. **20** Kung aming nilimot ang pangalan
ng aming Dios, O aming iniunat ang aming mga kamay sa
ibang dios; **21** Hindi ba sisiyasatin ito ng Dios? Sapagka't
nalalaman niya ang mga lihim ng puso. **22** Oo, dahil sa
iyo ay pinapatay kami buong araw; kami ay nabilang na
parang mga tupa sa patayan. **23** Ikaw ay gumising, bakit ka
natutulog, Oh Panginoon? Ikaw ay bumangon, huwag mo
kaming itakuwil magpakailan man. **24** Bakit mo ikinukubli ang
iyong mukha, at kinalilimutan mo ang aming kadalamhatian
at aming kapighatian? **25** Sapagka't ang aming kaluluwa
ay nakasubsob sa alabok: ang aming katawan ay nadidikit
sa lupa. **26** Ikaw ay bumangon upang kami ay tulungan, at
tubusin mo kami dahil sa iyong kagandahang-loob.

**45** Ang aking puso ay nananagana sa isang mainam
na bagay: aking sinasalita ang mga bagay na aking
ginawa tungkol sa hari: ang aking dila ay panulat ng bihasang
manunulat. **2** Ikaw ay maganda kay sa mga anak ng
mga tao; biyaya ay nabubuhos sa iyong mga labi: kaya't
pinagpala ka ng Dios magpakailan man. **3** Ibigkis mo ang
iyong tabak sa iyong hita, Oh makapangyarihan, kalakip
ang iyong kaluwalhatian at ang iyong kamahalan. **4** At sa
iyong kamahalan ay sumakay kang may kaginhawahan,
dahil sa katotohanan, at sa kaamuan, at sa katuwiran:
at ang iyong kanan ay magtuturo sa iyo ng kakilakilabot
na mga bagay. **5** Ang iyong mga palaso ay matulis; ang
mga bayan ay nangabubuwal sa ilalim mo: sila'y nangasa
puso ng mga kaaway ng hari. **6** Ang iyong luklukan, Oh
Dios, ay magpakailan-kailan man: cetro ng kaganapan ang
cetro ng iyong kaharian. **7** Iyong iniibig ang katuwiran, at
pinagtataniman ang kasamaan: kaya't ang Dios, ang iyong
Dios, ay nagpahid sa iyo ng langis, ng langis ng kasayahan
na higit kay sa iyong mga kasama. **8** Ang lahat ng iyong mga
damit ay amoy mira, at aloe, at kasia: mula sa bahay-haring
garing ay pinasasaya ka ng mga panugtog na kawad. **9** Ang
mga anak na babae ng hari ay nangasa gitna ng iyong mga
marangal na babae: sa iyong kanan ay nakatayo ang reyna
na may ginto sa Ophir. **10** Iyong dinggin, Oh anak na babae,
at iyong pakundanganan, at ikiling mo ang iyong pakinig;
kalimutan mo naman ang iyong sariling bayan, at ang bahay
ng iyong magulang; **11** Sa gayo'y nanasain ng hari ang
iyong kagandahan; sapagka't siya'y iyong panginoon; at
sumamba ka sa kaniya. **12** At ang anak na babae ng Tiro ay
dodoon na may kaloob; pati ng mayaman sa gitna ng iyong
bayan ay mamamanhik ng iyong lingap. **13** Ang anak na
babae ng hari ay totoong maluwalhati sa bahay-hari. Ang
kaniyang suot ay yaring may ginto. **14** Siya'y ihahatid sa
hari na may suot na bordado: ang mga dalaga, na kaniyang
mga kasama na nagsisisunod sa kaniya, ay dadalhin sa
iyo. **15** May kasayahan at kagalakan na ihahatid (sila) sila'y
magsisipasok sa bahay-hari. **16** Sa halip ng iyong mga
magulang ay ang iyong mga anak, na siya mong gagawing
mga pangulo sa buong lupa. **17** Aking ipaaalaala ang iyong
pangalan sa lahat ng sali't saling lahi: kaya't ang mga bayan
ay mangagpapasalamat sa iyo magpakailan-kailan man.

**46** Ang Dios ay ating ampunan at kalakasan, handang
saklolo sa kabagabagan. **2** Kaya't hindi tayo matatakot
bagaman ang lupa ay mabago, at bagaman ang mga bundok
ay mangaglipat sa kagitnaan ng mga dagat; **3** Bagaman ang
tubig niyaon ay magsihugong at mabagabag. Bagaman ang
mga bundok ay mangauga dahil sa unos niyaon. (Selah)
**4** May isang ilog, na ang mga agos ay nagpapasaya sa
bayan ng Dios. Sa banal na dako ng mga tabernakulo ng
Kataastaasan. **5** Ang Dios ay nasa gitna niya; siya'y hindi
makikilos: tutulungan siya ng Dios na maaga. **6** Ang mga
bansa ay nangagkagulo, ang mga kaharian ay nangakilos:
inihiyaw niya ang kaniyang tinig, ang lupa ay natunaw. **7** Ang
Panginoon ng mga hukbo ay sumasa atin; ang Dios ni Jacob
ay ating kanlungan. (Selah) **8** Kayo'y parito, inyong masdan
ang mga gawa ng Panginoon, kung anong mga kagibaan
ang kaniyang ginawa sa lupa. **9** Kaniyang pinapaglilikat ang
mga pagdidigma sa wakas ng lupa; kaniyang binabali ang
busog, at pinuputol ang sibat; kaniyang sinusunog ang mga
karo sa apoy. **10** Kayo ay magsitigil at kilalanin ninyo na ako
ang Dios: ako'y mabubunyi sa gitna ng mga bansa, ako'y
mabubunyi sa lupa. **11** Ang Panginoon ng mga hukbo ay
sumasa atin; ang Dios ni Jacob ay ating kanlungan.

**47** Oh ipakpak ang inyong mga kamay ninyong lahat
na mga bayan; magsihiyaw kayo sa Dios ng tinig ng
pagtatagumpay. **2** Sapagka't ang Panginoong kataastaasan
ay kakilakilabot; siya'y dakilang Hari sa buong lupa. **3**
Kaniyang pasusukuin ang mga bayan sa ilalim natin, at ang
mga bansa sa ilalim ng ating mga paa. **4** Kaniyang ipipili
tayo ng ating mana, ang karilagan ni Jacob na kaniyang

minahal. (Selah) 5 Ang Dios ay napailanglang na may
hiyawan, ang Panginoon na may tunog ng pakakak. 6 Kayo'y
magsiawit ng mga pagpuri sa Dios, kayo'y magsiawit ng
mga pagpuri: kayo'y magsiawit ng mga pagpuri sa ating
Hari, kayo'y magsiawit ng mga pagpuri. 7 Sapagka't ang
Dios ay Hari ng buong lupa: magsiawit kayo ng mga pagpuri
na may pagunawa. 8 Ang Dios ay naghahari sa mga bansa:
ang Dios ay nauupo sa kaniyang banal na luklukan. 9 Ang
mga pangulo ng mga bayan ay nangapipisan upang maging
bayan ng Dios ni Abraham; sapagka't ang mga kalasag ng
lupa ay ukol sa Dios; siya'y totoong bunyi.

48 Dakila ang Panginoon, at marapat pakapurihin, sa
bayan ng aming Dios, sa kaniyang banal na bundok.
2 Maganda sa kataasan, ang kagalakan ng buong lupa,
siyang bundok ng Sion, sa mga dako ng hilagaan, na
bayan ng dakilang Hari. 3 Ang Dios ay napakilala sa
kaniyang mga bahay-hari, na pinakakanlungan. 4 Sapagka't
narito, ang mga hari ay nagpupulong, sila'y nagsidaang
magkakasama. 5 Kanilang nakita, nagsipanggilalas nga (sila)
sila'y nanganglupaypay, sila'y nangagmadaling tumakas.
6 Panginginig ay humawak sa kanila roon; sakit, gaya ng
sa isang babae sa pagdaramdam. 7 Sa pamamagitan ng
hanging silanganan iyong binabasag ang mga sasakyan sa
Tharsis. 8 Kung ano ang aming narinig, ay gayon ang aming
nakita sa bayan ng Panginoon ng mga hukbo, sa bayan ng
aming Dios: itatatag ito ng Dios magpakailan man. (Selah) 9
Aming inaalaala ang iyong kagandahang-loob, Oh Dios, sa
gitna ng iyong templo. 10 Kung ano ang iyong pangalan, Oh
Dios, gayon ang pagpuri sa iyo hanggang sa mga wakas ng
lupa; ang iyong kanan ay puspos ng katuwiran. 11 Matuwa
ka bundok ng Sion, magalak ang mga anak na babae ng
Juda, dahil sa iyong mga kahatulan. 12 Libutin ninyo ang
Sion, at inyong ligirin siya: inyong saysayin ang mga moog
niyaon. 13 Tandaan ninyong mabuti ang kaniyang mga kuta,
inyong masdan ang kaniyang mga bahay-hari; upang inyong
maisaysay ito sa susunod na lahi. 14 Sapagka't ang Dios na
ito ay ating Dios magpakailan-kailan man: siya'y magiging
ating patnubay hanggang sa kamatayan.

49 Dinggin ninyo ito, ninyong lahat na mga bayan;
pakinggan ninyo, ninyong lahat na nananahan sa
daigdig: 2 Ng mababa at gayon din ng mataas, ng mayaman
at ng dukha na magkasama. 3 Ang aking bibig ay magsasalita
ng karunungan; at ang pagbubulay ng aking puso ay
magiging sa pagunawa. 4 Ikikiling ko ang aking panig sa
talinghaga: ibubuka ko ang aking malabong sabi sa alpa. 5
Bakit ako matatakot sa mga kaarawan ng kasamaan, pagka
kinukulong ako ng kasamaan sa aking mga sakong? 6 Silang
nagsisitiwala sa kanilang kayamanan, at nangaghahambog
sa karamihan ng kanilang mga kayamanan; 7 Wala sa
kaniyang makatutubos sa ano pa mang paraan sa kaniyang
kapatid, ni magbibigay man sa Dios ng pangtubos sa
kaniya: 8 (Sapagka't ang katubusan ng kanilang kaluluwa
ay mahal, at ito'y naglilikat magpakailan man: ) 9 Upang
siya'y mabuhay na lagi, upang siya'y huwag makakita ng
kabulukan. 10 Sapagka't nakikita niya na ang mga pantas ay
nangamamatay, ang mangmang at gayon din ang hangal ay
nalilipol, at iniiwanan ang kanilang kayamanan sa mga iba.
11 Ang kanilang pagiisip sa loob ay, na ang kanilang mga
bahay ay mananatili magpakailan man, at ang kanilang mga
tahanang dako ay sa lahat ng sali't saling lahi; tinatawag
nila ang kanilang mga lupain ayon sa kanilang sariling mga
pangalan. 12 Nguni't ang tao'y hindi lalagi sa karangalan:
siya'y gaya ng mga hayop na nangamamatay. 13 Itong
kanilang lakad ay kanilang kamangmangan: gayon ma'y
pagkatapos nila ay sinasangayunan ng mga tao ang kanilang
mga kasabihan. (Selah) 14 Sila'y nangatakda sa Sheol na
parang kawan; kamatayan ay magiging pastor sa kanila: at
ang matuwid ay magtataglay ng kapangyarihan sa kanila sa
kinaumagahan; at ang kanilang kagandahan ay mapapasa
Sheol upang matunaw, upang mawalan ng tahanan. **(Sheol
h7585)** 15 Nguni't tutubusin ng Dios ang aking kaluluwa sa
kapangyarihan ng Sheol: sapagka't tatanggapin niya ako.
(Selah) **(Sheol h7585)** 16 Huwag kang matakot pagka may
yumaman. Pagka ang kaluwalhatian ng kaniyang bahay ay
lumago: 17 Sapagka't pagka siya'y namatay ay wala siyang
dadalhin; ang kaniyang kaluwalhatian ay hindi bababang
susunod sa kaniya. 18 Bagaman habang siya'y nabuhay ay
kaniyang pinagpala ang kaniyang kaluluwa, (at pinupuri ka
ng mga tao pagka gumagawa ka ng mabuti sa iyong sarili),
19 Siya'y paroroon sa lahi ng kaniyang mga magulang; hindi
(sila) makakakita kailan man ng liwanag. 20 Taong nasa
karangalan, at hindi nakakaunawa, ay gaya ng mga hayop
na namamatay.

50 Ang makapangyarihang Dios, ang Dios na Panginoon,
ay nagsalita, at tinawag ang lupa mula sa pagsikat
ng araw hanggang sa paglubog niyaon. 2 Mula sa Sion
na kasakdalan ng kagandahan, sumilang ang Dios. 3 Ang
aming Dios ay darating at hindi tatahimik; isang apoy na
mamumugnaw sa harap niya, at magiging totoong malaking
bagyo sa palibot niya. 4 Siya'y tatawag sa langit sa itaas, at
sa lupa upang mahatulan niya ang kaniyang bayan: 5 Pisanin
mo ang aking mga banal sa akin; yaong nangakikipagtipan
sa akin sa pamamagitan ng hain. 6 At ipahahayag ng langit
ang kaniyang katuwiran; sapagka't ang Dios ay siyang
hukom. (Selah) 7 Iyong dinggin, Oh aking bayan, at ako'y
magsasalita; Oh Israel, at ako'y magpapatotoo sa iyo: Ako'y
Dios, iyong Dios. 8 Hindi kita sasawayin dahil sa iyong mga

hain; at ang iyong mga handog na susunugin ay laging
nangasa harap ko. **9** Hindi ako kukuha ng baka sa iyong
bahay, ni ng kambing na lalake sa iyong mga kawan. **10**
Sapagka't bawa't hayop sa gubat ay akin, at ang hayop
sa libong burol. **11** Nakikilala ko ang lahat ng mga ibon sa
mga bundok: at ang mga mabangis na hayop sa parang
ay akin. **12** Kung ako'y magutom ay hindi ko sasaysayin
sa iyo: sapagka't ang sanglibutan ay akin, at ang buong
narito. **13** Kakanin ko ba ang laman ng mga toro, o iinumin
ang dugo ng mga kambing? **14** Ihandog mo sa Dios ang
haing pasasalamat: at tuparin mo ang iyong mga panata
sa Kataastaasan: **15** At tumawag ka sa akin sa kaarawan
ng kabagabagan; ililigtas kita, at iyong luluwalhatiin ako.
**16** Nguni't sa masama ay sinasabi ng Dios, Anong iyong
gagawin upang ipahayag ang aking mga palatuntunan, at
iyong kinuha ang aking tipan sa iyong bibig? **17** Palibhasa't
iyong kinapopootan ang pagtuturo, at iyong iniwawaksi ang
aking mga salita sa likuran mo. **18** Pagka nakakita ka ng
magnanakaw, pumipisan ka sa kaniya, at naging kabahagi ka
ng mga mapangalunya. **19** Iyong ibinubuka ang iyong bibig
sa kasamaan, at ang iyong dila ay kumakatha ng karayaan.
**20** Ikaw ay nauupo, at nagsasalita laban sa iyong kapatid;
iyong dinudusta ang anak ng iyong sariling ina. **21** Ang mga
bagay na ito ay iyong ginawa, at ako'y tumahimik; iyong
inisip na tunay na ako'y gayong gaya mo: nguni't sasawayin
kita, at aking isasaayos sa harap ng iyong mga mata. **22**
Gunitain nga ninyo ito, ninyong nangakalilimot sa Dios, baka
kayo'y aking pagluraylurayin at walang magligtas: **23** Ang
naghahandog ng haing pasasalamat ay lumuluwalhati sa
akin; at sa kaniya na nagaayos ng kaniyang pakikipagusap
aking ipakikita ang pagliligtas ng Dios.

**51** Maawa ka sa akin, Oh Dios, ayon sa iyong
kagandahang-loob: ayon sa karamihan ng iyong
malumanay na mga kaawaan ay pinawi mo ang aking
mga pagsalangsang. **2** Hugasan mo akong lubos sa aking
kasamaan, at linisin mo ako sa aking kasalanan. **3** Sapagka't
kinikilala ko ang aking mga pagsalangsang: at ang aking
kasalanan ay laging nasa harap ko. **4** Laban sa iyo, sa
iyo lamang ako nagkasala, at nakagawa ng kasamaan sa
iyong paningin: upang ikaw ay ariing ganap pag nagsasalita
ka, at maging malinis pag humahatol ka. **5** Narito, ako'y
inanyuan sa kasamaan; at sa kasalanan ay ipinaglihi ako
ng aking ina, **6** Narito, ikaw ay nagnanasa ng katotohanan
sa mga loob na sangkap; at sa kubling bahagi ay iyong
ipakikilala sa akin ang karunungan. **7** Linisin mo ako ng
hisopo, at ako'y magiging malinis: hugasan mo ako at ako'y
magiging lalong maputi kay sa nieve. **8** Pagparinggan mo
ako ng kagalakan at kasayahan; upang ang mga buto na
iyong binali ay mangagalak. **9** Ikubli mo ang iyong mukha sa
aking mga kasalanan, at pawiin mo ang aking lahat na mga
kasamaan. **10** Likhaan mo ako ng isang malinis na puso, Oh
Dios; at magbago ka ng isang matuwid na espiritu sa loob
ko. **11** Huwag mo akong paalisin sa iyong harapan; at huwag
mong bawiin ang iyong santong Espiritu sa akin. **12** Ibalik
mo sa akin ang kagalakan ng iyong pagliligtas: at alalayan
ako ng kusang espiritu. **13** Kung magkagayo'y ituturo ko sa
mga mananalangsang ang iyong mga lakad; at ang mga
makasalanan ay mangahihikayat sa iyo. **14** Iligtas mo ako
sa salang pagbububo ng dugo, Oh Dios, ikaw na Dios ng
aking kaligtasan; at ang aking dila ay aawit ng malakas
tungkol sa iyong katuwiran. **15** Oh Panginoon, bukhin mo
ang aking mga labi; at ang aking bibig ay magsasaysay ng
iyong kapurihan. **16** Sapagka't hindi ka nalulugod sa hain; na
kung dili ay bibigyan kita: wala kang kaluguran sa handog
na susunugin. **17** Ang mga hain sa Dios ay bagbag na loob:
isang bagbag at may pagsisising puso, Oh Dios, ay hindi mo
wawaling kabuluhan. **18** Gawan mo ng mabuti ang iyong
mabuting kasayahan sa Sion: itayo mo ang mga kuta ng
Jerusalem. **19** Kung magkagayo'y malulugod ka sa mga hain
ng katuwiran, sa handog na susunugin at sa handog na
susunuging buo: kung magkagayo'y mangaghahandog (sila)
ng mga toro sa iyong dambana.

**52** Bakit ka naghahambog sa kasamaan, Oh
makapangyarihang tao? Ang kagandahang-loob ng
Dios ay palagi. **2** Ang dila mo'y kumakatha ng totoong
masama; gaya ng matalas na pangahit, na gumagawang
may karayaan. **3** Iniibig mo ang kasamaan ng higit kay sa
kabutihan; at ang pagsisinungaling kay sa pagsasalita ng
katuwiran. (Selah) **4** Iniibig mo ang lahat na mananakmal na
salita, Oh ikaw na magdarayang dila. **5** Ilulugmok ka ring
gayon ng Dios magpakailan man, itataas ka niya, at ilalabas
ka sa iyong tolda, at bubunutin ka niya sa lupain ng may
buhay. (Selah) **6** Makikita naman ng matuwid, at matatakot,
at tatawa sa kaniya, na magsasabi, **7** Narito, ito ang tao
na hindi ginawang kaniyang katibayan, ang Dios; kundi
tumiwala sa kasaganaan ng kaniyang mga kayamanan, at
nagpakalakas sa kaniyang kasamaan. **8** Nguni't tungkol sa
akin, ay gaya ako ng sariwang punong kahoy ng olibo sa
bahay ng Dios: tumitiwala ako sa kagandahang-loob ng
Dios magpakailan-kailan man. **9** Ako'y magpapasalamat
sa iyo magpakailan man, sapagka't iyong ginawa: at ako'y
maghihintay sa iyong pangalan sapagka't mabuti, sa harapan
ng iyong mga banal.

**53** Ang mangmang ay nagsabi sa puso niya, Walang Dios.
Nangapahamak (sila) at nagsigawa ng kasuklamsuklam
na kasamaan; walang gumawa ng mabuti. **2** Tinunghan ng
Dios ang mga anak ng mga tao mula sa langit, upang tignan

kung may sinomang nakakaunawa, na humanap sa Dios. **3** Bawa't isa sa kanila ay tumalikod: sila'y magkakasamang naging mahahalay; walang gumawa ng mabuti, wala, wala kahit isa. **4** Wala bang kaalaman ang mga manggagawa ng kasamaan? na siyang kumakain ng aking bayan na tila kumakain ng tinapay, at hindi nagsisitawag sa Dios. **5** Doo'y nangapasa malaking katakutan (sila) na hindi kinaroroonan ng takot: sapagka't pinangalat ng Dios ang mga buto niya na humahantong laban sa iyo; iyong inilagay (sila) sa kahihiyan, sapagka't itinakuwil (sila) ng Dios. **6** Oh kung ang kaligtasan ng Israel ay lumabas sa Sion. Pagka ibabalik ng Dios ang nangabihag ng kaniyang bayan, magagalak nga ang Jacob at matutuwa ang Israel.

**54** Iligtas mo ako, Oh Dios, sa pamamagitan ng iyong pangalan. At hatulan mo ako sa iyong kapangyarihan. **2** Dinggin mo ang aking dalangin, Oh Dios; pakinggan mo ang mga salita ng aking bibig. **3** Sapagka't ang mga tagaibang lupa ay nagsibangon laban sa akin, at ang mga mangdadahas na tao ay nagsisiusig ng aking kaluluwa: hindi nila inilagay ang Dios sa harap nila. (Selah) **4** Narito, ang Dios ay aking katulong: ang Panginoon ay sa kanila na nagsisialalay ng aking kaluluwa. **5** Kaniyang ibabalik ang kasamaan sa aking mga kaaway: gibain mo (sila) sa iyong katotohanan. **6** Ako'y maghahain sa iyo ng kusang handog: ako'y magpapasalamat sa iyong pangalan, Oh Panginoon, sapagka't mabuti. **7** Sapagka't iniligtas niya ako sa lahat ng kabagabagan; at nakita ng aking mata ang aking nasa sa aking mga kaaway.

**55** Dinggin mo ang aking dalangin, Oh Dios; at huwag kang magkubli sa aking pananaing. **2** Pakinggan mo ako, at iyong sagutin ako: ako'y walang katiwasayan sa aking pagdaramdam, at ako'y dumadaing; **3** Dahil sa tinig ng kaaway, dahil sa pagpighati ng masama; sapagka't sila'y naghagis ng kasamaan sa akin, at sa galit ay inuusig nila ako. **4** Ang aking puso ay nagdaramdam na mainam sa loob ko: at ang mga kakilabutan ng kamatayan ay nahulog sa akin. **5** Katakutan at panginginig ay dumating sa akin, at tinakpan ako ng kakilabutan. **6** At aking sinabi, Oh kung ako'y nagkaroon ng mga pakpak na gaya ng kalapati! Lilipad nga ako, at magpapahinga. **7** Narito, kung magkagayo'y gagala ako sa malayo, ako'y titigil sa ilang. (Selah) **8** Ako'y magmamadaling sisilong mula sa malakas na hangin at bagyo. **9** Ipahamak mo, Oh Panginoon, at guluhin mo ang kanilang wika: sapagka't ako'y nakakita ng pangdadahas at pagaaway sa bayan. **10** Araw at gabi ay nagsisiligid (sila) sa mga kuta niyaon: kasamaan man at kahirapan ay nangasa gitna rin niyaon. **11** Kasamaan ay nasa gitna niyaon; ang pagpighati at pagdaraya ay hindi humihiwalay sa kaniyang mga lansangan. **12** Sapagka't hindi kaaway ang dumuwahagi sa akin; akin nga sanang nabata: ni hindi rin ang nagtatanim sa akin ang nagmamalaki laban sa akin; nagtago nga sana ako sa kaniya: **13** Kundi ikaw, lalake na kagaya ko, aking kasama at aking kaibigang matalik. **14** Tayo ay maligayang nagpapayuhang magkasama, tayo'y lumalakad na magkaakbay sa bahay ng Dios. **15** Dumating nawang bigla sa kanila ang kamatayan, mababa nawa silang buhay sa Sheol: sapagka't kasamaan ay nasa kanilang tahanan, sa gitna nila. **(Sheol h7585)** **16** Tungkol sa akin, ay tatawag ako sa Dios; at ililigtas ako ng Panginoon. **17** Sa hapon at sa umaga, at sa katanghaliang tapat, ako'y dadaing at hihibik: at kaniyang didinggin ang aking tinig. **18** Kaniyang tinubos ang aking kaluluwa sa kapayapaan mula sa pagbabaka laban sa akin: Sapagka't sila'y marami na nakikipaglaban sa akin. **19** Didinggin ng Dios, at paghihigantihan (sila) siyang tumatahan ng una. (Selah) **20** Kaniyang iniunat ang kaniyang mga kamay laban sa gayon na nasa kapayapaan sa kaniya: kaniyang nilapastangan ang kaniyang tipan. **21** Ang kaniyang bibig ay malambot na parang mantekilya: nguni't ang kaniyang puso ay pakikidigma: ang kaniyang mga salita ay lalong mabanayad kay sa langis, gayon ma'y mga bunot na tabak. **22** Ilagay mo ang iyong pasan sa Panginoon, at kaniyang aalalayan ka: hindi niya titiising makilos kailan man ang matuwid. **23** Nguni't ikaw, Oh Dios, ibababa mo (sila) sa hukay ng kapahamakan: mga mabagsik at magdarayang tao ay hindi darating sa kalahati ng kanilang mga kaarawan; nguni't titiwala ako sa iyo.

**56** Maawa ka sa akin, Oh Dios: sapagka't sasakmalin ako ng tao: buong araw ay nangbababag siya na pinipighati ako. **2** Ibig akong sakmalin ng aking mga kaaway buong araw: sapagka't sila'y maraming may kapalaluan na nagsisilaban sa akin. **3** Sa panahong ako'y matakot, aking ilalagak ang aking tiwala sa iyo. **4** Sa Dios (ay pupuri ako ng kaniyang salita), sa Dios ay inilagak ko ang aking tiwala, hindi ako matatakot; anong magagawa ng laman sa akin? **5** Buong araw ay binabaligtad nila ang aking mga salita: lahat ng kanilang mga pagiisip ay laban sa akin sa ikasasama. **6** Sila'y nagpipisan, sila'y nagsisipagkubli, kanilang tinatandaan ang aking mga hakbang, gaya ng kanilang pagaabang sa aking kaluluwa. **7** Tatakas ba (sila) sa pamamagitan ng masama? Sa galit ay ilugmok mo ang mga bayan, Oh Dios. **8** Iyong isinasaysay ang aking mga paggagala: ilagay mo ang aking mga luha sa iyong botelya; wala ba (sila) sa iyong aklat? **9** Tatalikod nga ang aking mga kaaway sa kaarawan na ako'y tumawag: ito'y nalalaman ko, sapagka't ang Dios ay kakampi ko. **10** Sa Dios (ay pupuri ako ng salita), sa Panginoon (ay pupuri ako ng salita), **11** Sa Dios ay inilagak ko ang aking tiwala, hindi ako matatakot;

anong magagawa ng tao sa akin? 12 Ang iyong mga panata
ay sa akin, Oh Dios: ako'y magbabayad ng mga handog
na pasalamat sa iyo. 13 Sapagka't iniligtas mo ang aking
kaluluwa sa kamatayan: hindi mo ba iniligtas ang aking mga
paa sa pagkahulog? upang ako'y makalakad sa harap ng
Dios sa liwanag ng buhay.

57 Maawa ka sa akin, Oh Dios, maawa ka sa akin;
sapagka't ang aking kaluluwa ay nanganganlong sa iyo.
Oo, sa lilim ng iyong mga pakpak ay manganganlong ako,
hanggang sa makaraan ang mga kasakunaang ito. 2 Ako'y
dadaing sa Dios na Kataastaasan; sa Dios na nagsagawa
ng lahat na mga bagay sa akin. 3 Siya'y magsusugo mula
sa langit, at ililigtas ako, pagka yaong lulunok sa akin ay
dumuduwahagi; (Selah) susuguin ng Dios ang kaniyang
kagandahang-loob at ang kaniyang katotohanan. 4 Ang
aking kaluluwa ay nasa gitna ng mga leon: ako'y nahihiga
sa gitna niyaong mga pinaningasan ng apoy, sa mga anak
ng tao, na ang mga ngipin ay sibat at mga pana, at ang
kanilang dila ay matalas na tabak. 5 Mabunyi ka, Oh Dios,
sa itaas ng mga langit; mataas ang iyong kaluwalhatian
sa buong lupa. 6 Kanilang hinandaan ng silo ang aking
mga hakbang. Ang aking kaluluwa ay nakayuko: sila'y
nagsihukay ng isang lungaw sa harap ko. Sila'y nangahulog
sa gitna niyaon. (Selah) 7 Ang aking puso ay matatag, Oh
Dios, ang aking puso ay matatag: ako'y aawit, oo, ako'y
aawit ng mga pagpuri. 8 Gumising ka, kaluwalhatian ko;
gumising ka, salterio at alpa: ako'y gigising na maaga. 9
Ako'y magpapasalamat sa iyo, Oh Panginoon, sa gitna ng
mga bayan: ako'y aawit sa iyo ng mga pagpuri sa gitna ng
mga bansa. 10 Sapagka't ang iyong kagandahang-loob ay
dakila hanggang sa mga langit, at ang iyong katotohanan
hanggang sa mga alapaap. 11 Mabunyi ka, Oh Dios, sa itaas
ng mga langit; mataas ang iyong kaluwalhatian sa buong
lupa.

58 Tunay bang kayo'y nangagsasalita ng katuwiran
Oh kayong mga makapangyarihan? Nagsisihatol ba
kayo ng matuwid, Oh kayong mga anak ng mga tao? 2
Oo, sa puso ay nagsisigawa kayo ng kasamaan; inyong
tinitimbang ang pangdadahas ng inyong mga kamay sa
lupa. 3 Ang masama ay naliligaw mula sa bahay-bata:
sila'y naliligaw pagkapanganak sa kanila, na nagsasalita
ng mga kasinungalingan. 4 Ang kanilang kamandag ay
parang kamandag ng ahas: sila'y gaya ng binging ahas na
nagtatakip ng kaniyang pakinig; 5 At hindi nakakarinig ng
tinig ng mga enkantador, na kailan man ay hindi umeenkanto
ng gayon na may karunungan. 6 Iyong bungalin ang kanilang
mga ngipin, Oh Dios, sa kanilang bibig: iyong bungalin ang
mga malaking ngipin ng mga batang leon, Oh Panginoon.
7 Mangatunaw nawa silang parang tubig na umaagos:
pagka inihilagpos niya ang kaniyang mga palaso, maging
gaya nawa ng nangaluray. 8 Maging gaya nawa ng laman
ng laman ng suso na natutunaw at napapawi: na gaya
ng naagas sa babae na hindi nakakita ng araw. 9 Bago
makaramdam ang inyong mga palyok ng mga dawag na
panggatong, kaniyang kukunin ang mga yaon ng ipoipo, ang
sariwa at gayon din ang nagniningas. 10 Magagalak ang
matuwid pagka nakita niya ang higanti: kaniyang huhugasan
ang kaniyang mga paa sa dugo ng masama. 11 Na anopa't
sasabihin ng mga tao, Katotohanang may kagantihan sa
matuwid: katotohanang may Dios na humahatol sa lupa.

59 Iligtas mo ako sa aking mga kaaway, Oh Dios ko: ilagay
mo ako sa mataas sa kanila na nagsisibangon laban sa
akin. 2 Iligtas mo ako sa mga manggagawa ng kasamaan,
at iligtas mo ako sa mga mabagsik na tao. 3 Sapagka't
narito, kanilang binabakayan ang aking kaluluwa; ang mga
makapangyarihan ay nagpipisan laban sa akin: hindi dahil
sa aking pagsalangsang, o sa aking kasalanan man, Oh
Panginoon. 4 Sila'y nagsisitakbo at nagsisihanda na wala
akong sala: ikaw ay gumising na tulungan mo ako, at masdan
mo. 5 Sa makatuwid baga'y ikaw, Oh Panginoong Dios ng
mga hukbo, na Dios ng Israel, ikaw ay bumangon upang
iyong dalawin ang lahat ng mga bansa: huwag kang maawa
sa kanino mang masamang mananalangsang. (Selah) 6
Sila'y nagsibalik sa kinahapunan, sila'y nagsitahol na parang
aso, at nililigid ang bayan. 7 Narito, sila'y nanunungayaw ng
kanilang bibig; mga tabak ay nangasa kanilang mga labi:
sapagka't sino, sabi nila, ang nakikinig? 8 Nguni't ikaw, Oh
Panginoon, tatawa sa kanila; iyong tutuyain ang lahat ng
mga bansa. 9 Dahil sa kaniyang kalakasan, didinggin kita;
sapagka't ang Dios ay aking matayog na moog. 10 Ang aking
Dios pati ng kaniyang kagandahang-loob ay sasalubong sa
akin: ipakikita ng Dios sa akin ang aking nasa sa aking mga
kaaway. 11 Huwag mo silang patayin, baka makalimot ang
aking bayan; pangalatin mo (sila) ng iyong kapangyarihan,
at ibaba mo (sila) Oh Panginoon na kalasag namin. 12 Dahil
sa kasalanan ng kanilang bibig, at sa mga salita ng kanilang
mga labi, makuha nawa (sila) sa kanilang kapalaluan, at
dahil sa sumpa at pagsisinungaling na kanilang sinalita. 13
Pugnawin mo (sila) sa poot, pugnawin mo (sila) upang sila'y
mawala: at ipakilala mo sa kanila na ang Dios ay nagpupuno
sa Jacob, hanggang sa mga wakas ng lupa. (Selah) 14 At
sa kinahapunan ay papagbalikin mo (sila) pahagulhulin mo
silang parang aso, at libutin nila ang bayan. 15 Sila'y gagala
na magmamanhik-manaog dahil sa pagkain, at maghihintay
buong gabi kung hindi (sila) mabusog. 16 Nguni't aking
aawitin ang iyong kalakasan; Oo, aking aawiting malakas
ang iyong kagandahang-loob sa kinaumagahan: sapagka't

ikaw ay naging aking matayog na moog, at kanlungan sa
kaarawan ng aking kabagabagan. 17 Sa iyo, Oh kalakasan
ko, aawit ako ng mga pagpuri: sapagka't ang Dios ay aking
matayog na moog, ang Dios ng aking kaawaan.

**60** Oh Dios, iniwaksi mo kami, ibinagsak mo kami; ikaw
ay nagalit; Oh papanauliin mo kami. 2 Iyong niyanig
ang lupain; iyong pinabuka: pagalingin mo ang mga sira
niyaon: sapagka't umuuga. 3 Nagpakita ka sa iyong bayan
ng mahihirap na bagay: iyong ipinainom sa amin ang alak
na pangpagiray. 4 Nagbigay ka ng watawat sa nangatatakot
sa iyo, upang maiwagayway dahil sa katotohanan. (Selah) 5
Upang ang iyong minamahal ay makaligtas, magligtas ka ng
iyong kanan, at sagutin mo kami. 6 Nagsalita ang Dios sa
kaniyang kabanalan; ako'y magsasaya: aking hahatiin ang
Sichem, at aking susukatin ang libis ng Succoth, 7 Galaad
ay akin, at Manases ay akin; Ephraim naman ay sanggalang
ng aking ulo; Juda ay aking setro. 8 Moab ay aking hugasan;
sa Edom ay aking ihahagis ang aking panyapak; Filistia,
humiyaw ka dahil sa akin. 9 Sinong magdadala sa akin sa
matibay na bayan? Sinong papatnubay sa akin hanggang sa
Edom? 10 Hindi mo ba kami iniwaksi, Oh Dios? At hindi
ka lumalabas, Oh Dios, na kasama ng aming mga hukbo.
11 Tulungan mo kami laban sa kaaway; sapagka't walang
kabuluhan ang tulong ng tao. 12 Sa pamamagitan ng Dios
ay gagawa kaming may katapangan: sapagka't siya ang
yumayapak sa aming mga kaaway.

**61** Dinggin mo ang aking daing, Oh Dios; pakinggan
mo ang aking dalangin. 2 Mula sa wakas ng lupa ay
tatawag ako sa iyo, pagka nanglupaypay ang aking puso:
patnubayan mo ako sa malaking bato na lalong mataas
kay sa akin. 3 Sapagka't ikaw ay naging aking kanlungan,
matibay na moog sa kaaway. 4 Ako'y tatahan sa iyong
tabernakulo magpakailan man: ako'y manganganlong sa
lilim ng iyong mga pakpak. (Selah) 5 Sapagka't dininig mo,
Oh Dios, ang aking mga panata: ibinigay mo ang mana
sa nangatatakot sa iyong pangalan. 6 Iyong pahahabain
ang buhay ng hari: Ang kaniyang mga taon ay magiging
parang malaong panahon. 7 Siya'y tatahan sa harap ng Dios
magpakailan man: Oh maghanda ka ng kagandahang-loob
at katotohanan, upang mapalagi siya. 8 Sa gayo'y aawit ako
ng pagpuri sa iyong pangalan magpakailan man. Upang
maisagawa ko araw-araw ang aking mga panata.

**62** Sa Dios lamang naghihintay ng tahimik ang aking
kaluluwa: sa kaniya galing ang aking kaligtasan. 2
Siya lamang ang aking kanlungan at aking kaligtasan: siya
ang aking matayog na moog; hindi ako lubhang makikilos.
3 Hanggang kailan maghahaka kayo ng masama laban
sa isang tao. Upang patayin siya ninyong lahat, na gaya
ng pader na tumagilid, o bakod na nabubuwal? 4 Sila'y
nagsisisangguni lamang upang ibagsak siya sa kaniyang
karilagan; sila'y natutuwa sa mga kasinungalingan: sila'y
nagsisibasbas ng kanilang bibig, nguni't nanganunumpa sa
loob. (Selah) 5 Kaluluwa ko, maghintay kang tahimik sa Dios
lamang; sapagka't ang aking pagasa ay mula sa kaniya. 6
Siya lamang ang aking malaking bato at aking kaligtasan:
siya'y aking matayog na moog; hindi ako makikilos. 7
Nasa Dios ang aking kaligtasan at aking kaluwalhatian; ang
malaking bato ng aking kalakasan, at ang kanlungan ko'y
nasa Dios. 8 Magsitiwala kayo sa kaniya buong panahon,
kayong mga bayan; buksan ninyo ang inyong dibdib sa harap
niya; Dios ay kanlungan sa atin. (Selah) 9 Tunay na walang
kabuluhan ang mga taong may mababang kalagayan, at
ang mga taong may mataas na kalagayan ay kabulaanan:
sa mga timbangan ay sasampa (sila) silang magkakasama
ay lalong magaan kay sa walang kabuluhan. 10 Huwag
kang tumiwala sa kapighatian, at huwag maging walang
kabuluhan sa pagnanakaw: kung ang mga kayamanan ay
lumago, huwag ninyong paglalagakan ng inyong puso. 11
Ang Dios ay nagsalitang minsan, makalawang aking narinig
ito; na ang kapangyarihan ay ukol sa Dios: 12 Sa iyo naman,
Oh Panginoon, ukol ang kagandahang-loob: sapagka't ikaw
ay nagbabayad sa bawa't tao ayon sa kaniyang gawa.

**63** Oh Dios, ikaw ay Dios ko; hahanapin kitang maaga:
kinauuhawan ka ng aking kaluluwa, pinananabikan
ka ng aking laman, sa isang tuyo at uhaw na lupa na
walang tubig. 2 Sa gayo'y tumingin ako sa iyo sa santuario.
Upang tanawin ang iyong kapangyarihan at ang iyong
kaluwalhatian. 3 Sapagka't ang iyong kagandahang-loob ay
mainam kay sa buhay: pupurihin ka ng aking mga labi. 4 Sa
gayo'y pupurihin kita habang ako'y nabubuhay: igagawad ko
ang aking mga kamay sa iyong pangalan. 5 Ang kaluluwa
ko'y matutuwa na gaya sa utak at taba; at ang bibig ko'y
pupuri sa iyo ng masayang mga labi; 6 Pagka naaalaala
kita sa aking higaan, at ginugunita kita sa pagbabantay
sa gabi. 7 Sapagka't naging katulong kita, at sa lilim ng
mga pakpak mo'y magagalak ako. 8 Ang kaluluwa ko'y
nanunuod na mainam sa iyo: inaalalayan ako ng iyong
kanan. 9 Nguni't ang nagsisihanap ng kaluluwa ko, upang
ipahamak, magsisilusong sa mga lalong mababang bahagi
ng lupa. 10 Sila'y mangahuhulog sa kapangyarihan ng tabak:
sila'y magiging pagkain sa mga zorra. 11 Nguni't ang hari ay
magagalak sa Dios: bawa't sumusumpa sa pamamagitan
niya ay luluwalhati; sapagka't ang bibig nila na nagsasalita
ng mga kasinungalingan ay patitigilin.

**64** Dinggin mo ang tinig ko, Oh Dios, sa aking hibik: ingatan
mo ang buhay ko sa pagkatakot sa kaaway. 2 Ikubli mo

ako sa lihim na payo ng mga manggagawa ng kasamaan;
sa panggugulo ng mga manggagawa ng kasamaan: 3 Na
siyang nangaghasa ng kanilang dila na parang tabak, at
pinahilagpos ang kanilang mga palaso, sa makatuwid baga'y
ang masasakit na salita: 4 Upang kanilang maihilagpos
sa sakdal sa mga lihim na dako: biglang inihihilagpos nila
sa kaniya at hindi natatakot. 5 Sila'y nagpapakatapang sa
masamang akala; sila'y nagsasangusapan ng paglalagay
ng lihim na silo; Sinasabi nila, Sinong makakakita? 6
Sila'y nagsisipagsiyasat ng mga kasamaan; aming naganap,
sabi nila, ang masikap na pagsiyasat; at ang pagiisip sa
loob ng bawa't isa, at ang puso ay malalim. 7 Nguni't
pahihilagpusan (sila) ng Dios; sila'y masusugatang bigla
ng isang palaso. 8 Sa gayo'y sila'y matitisod palibhasa't
ang kanilang sariling dila ay laban sa kanila: ang lahat
na makakita sa kanila ay mangaguuga ng ulo. 9 At lahat
ng mga tao ay mangatatakot; at kanilang ipahahayag ang
salita ng Dios, at may karunungang kanilang bubuhayin ang
kanilang gawa. 10 Ang matuwid ay matutuwa sa Panginoon,
at manganganlong sa kaniya; at lahat ng mga matuwid sa
puso ay magsisiluwalhati.

**65** Ang kapurihan ay naghihintay sa iyo, Oh Dios, sa Sion:
at sa iyo'y maisasagawa ang panata. 2 Oh ikaw na
dumidinig ng dalangin, sa iyo'y paroroon ang lahat ng laman.
3 Mga kasamaan ay nangananaig laban sa akin: tungkol
sa aming pagsalangsang, ay lilinisin mo. 4 Mapalad ang
tao na iyong pinipili, at pinalalapit mo sa iyo, upang siya'y
makatahan sa iyong mga looban: kami ay mangasisiyahan
sa kabutihan ng iyong bahay, ng iyong banal na templo.
5 Sasagutin mo kami sa katuwiran sa pamamagitan ng
mga kakilakilabot na bagay, Oh Dios ng aming kaligtasan;
ikaw na katiwalaan ng lahat na wakas ng lupa, at nila na
malayo sa dagat: 6 Na naglalagay na matibay ng mga
bundok sa pamamagitan ng kaniyang kalakasan; palibhasa't
nabibigkisan sa palibot ng kapangyarihan: 7 Na nagpapatigil
ng hugong ng mga dagat, ng hugong ng kanilang mga alon,
at ng kaingay ng mga bayan. 8 (Sila) naman na nagsisitahan
sa mga pinakadulong bahagi ay nangatatakot sa iyong mga
tanda: ikaw ang nagbibigay galak sa pagbubukang liwayway
at pagtatakip-silim. 9 Iyong dinadalaw ang lupa, at dinidilig
mo, iyong pinayayamang mainam; ang ilog ng Dios ay puno
ng tubig: iyong pinagtataanan (sila) ng trigo, pagka't inihanda
mo ang lupa. 10 Iyong dinidilig ang kaniyang bungkal ng
sagana; iyong pinapantay ang kaniyang mga bungkal; iyong
mga pinalalambot ng ambon; iyong pinagpapala ang pagsibol
niyaon. 11 Iyong dinudulutan ang taon ng iyong kabutihan;
at ang iyong mga landas ay pumapatak ng katabaan. 12
Nagsisipatak sa mga pastulan sa ilang; at ang mga burol
ay nabibigkisan ng kagalakan. 13 Ang mga pastulan ay
nangabihisan ng mga kawan; ang mga libis naman ay
nangatatakpan ng trigo; sila'y magsisihiyaw sa kagalakan,
(sila) naman ay nagsisiawit.

**66** Magkaingay kayong may kagalakan sa Dios, buong
lupa. 2 Awitin ninyo ang kaluwalhatian ng kaniyang
pangalan: paluwalhatiin ninyo ang pagpuri sa kaniya. 3
Inyong sabihin sa Dios, napaka kakilakilabot ng iyong mga
gawa! Sa kadakilaan ng iyong kapangyarihan ay magsisuko
ang iyong mga kaaway sa iyo. 4 Buong lupa ay sasamba sa
iyo, at aawit sa iyo; sila'y magsisiawit sa iyong pangalan.
(Selah) 5 Kayo ay magsiparito, at tingnan ninyo ang mga
gawa ng Dios; siya'y kakilakilabot sa kaniyang gawain
sa mga anak ng mga tao. 6 Kaniyang pinagiging tuyong
lupa ang dagat: sila'y nagsidaan ng paa sa ilog: doo'y
nangagalak kami sa kaniya. 7 Siya'y nagpupuno ng kaniyang
kapangyarihan magpakailan man: papansinin ng kaniyang
mga mata ang mga bansa: huwag mangagpakabunyi ang
mga manghihimagsik. (Selah) 8 Oh purihin ninyo ang ating
Dios, ninyong mga bayan, at iparinig ninyo ang tinig ng
kaniyang kapurihan: 9 Na umaalalay sa ating kaluluwa sa
buhay, at hindi tumitiis na makilos ang ating mga paa. 10
Sapagka't ikaw, Oh Dios, tinikman mo kami: Iyong sinubok
kami na para ng pagsubok sa pilak. 11 Iyong isinuot kami sa
silo; ikaw ay naglagay ng mainam na pasan sa aming mga
balakang. 12 Iyong pinasakay ang mga tao sa aming mga
ulo; kami ay nangagdaan sa apoy at sa tubig; nguni't dinala
mo kami sa saganang dako. 13 Ako'y papasok sa iyong
bahay na may mga handog na susunugin, aking babayaran
sa iyo ang mga panata ko, 14 Na sinambit ng aking mga labi,
at sinalita ng aking bibig, nang ako'y nasa kadalamhatian.
15 Ako'y maghahandog sa iyo ng mga matabang handog na
susunugin, na may haing mga tupa; ako'y maghahandog ng
mga toro na kasama ng mga kambing. (Selah) 16 Kayo'y
magsiparito at dinggin ninyo, ninyong lahat na nangatatakot
sa Dios, at ipahahayag ko kung ano ang kaniyang ginawa sa
aking kaluluwa. 17 Ako'y dumaing sa kaniya ng aking bibig,
at siya'y ibinunyi ng aking dila. 18 Kung pinakundanganan
ko ang kasamaan sa aking puso, hindi ako didinggin ng
Panginoon: 19 Nguni't katotohanang dininig ako ng Dios;
kaniyang pinakinggan ang tinig ng aking dalangin. 20 Purihin
ang Dios, na hindi iniwaksi ang aking dalangin, ni ang
kaniyang kagandahang-loob sa akin.

**67** Dios maawa ka sa amin, at pagpalain mo kami, at
pasilangin nawa niya ang kaniyang mukha sa amin;
(Selah) 2 Upang ang iyong daan ay maalaman sa lupa, ang
iyong pangligtas na kagalingan sa lahat ng mga bansa. 3
Purihin ka ng mga bayan, Oh Dios; purihin ka ng lahat ng
mga bayan. 4 Oh mangatuwa at magsiawit sa kasayahan

ang mga bansa: sapagka't iyong hahatulan ang mga bayan
ng karampatan, at iyong pamamahalaan ang mga bansa sa
lupa. (Selah) 5 Purihin ka ng mga bayan, Oh Dios; purihin
ka ng lahat ng mga bayan. 6 Isinibol ng lupa ang kaniyang
bunga: ang Dios ang sarili naming Dios ay pagpapalain
kami. 7 Pagpapalain kami ng Dios: at lahat ng mga wakas
ng lupa ay mangatatakot sa kaniya.

68 Bumangon nawa ang Dios, mangalat ang kaniyang
mga kaaway; (sila) namang nangagtatanim sa kaniya
ay magsitakas sa harap niya. 2 Kung paanong napaparam
ang usok ay gayon nangapaparam (sila) Kung paanong
natutunaw ang pagkit sa harap ng apoy, gayon mamatay
ang masama sa harapan ng Dios. 3 Nguni't mangatuwa
ang matuwid; mangagalak (sila) sa harap ng Dios: Oo,
mangagalak (sila) ng kasayahan. 4 Kayo'y magsiawit sa
Dios, kayo'y magsiawit ng kapurihan sa kaniyang pangalan:
ipaghanda ninyo ng maluwang na lansangan siya na
nangangabayo sa mga ilang; ang kaniyang pangalan ay
JAH; at mangagalak kayo sa harap niya. 5 Ama ng mga
ulila, at hukom ng mga babaing bao, ang Dios sa kaniyang
banal na tahanan. 6 Pinapagmamaganak ng Dios ang mga
nagiisa: kaniyang inilalabas sa kaginhawahan ang mga
bilanggo: nguni't ang mga mapanghimagsik ay magsisitahan
sa tuyong lupa. 7 Oh Dios, nang ikaw ay lumabas sa harap
ng iyong bayan, nang ikaw ay lumakad sa ilang; (Selah) 8
Ang lupa ay nayanig, ang mga langit naman ay tumulo sa
harapan ng Dios: ang Sinai na yaon ay nayanig sa harapan
ng Dios, ng Dios ng Israel. 9 Ikaw, Oh Dios, naglagpak ng
saganang ulan, iyong pinatibay ang iyong mana, noong ito'y
mahina. 10 Ang iyong kapisanan ay tumahan doon: ikaw,
Oh Dios, ipinaghanda mo ng iyong kabutihan ang dukha.
11 Nagbibigay ng salita ang Panginoon: ang mga babaing
nangaghahayag ng mga balita ay malaking hukbo. 12 Mga
hari ng mga hukbo ay nagsisitakas, sila'y nagsisitakas: at
nangamamahagi ng samsam ang naiwan sa bahay. 13
Mahihiga ba kayo sa gitna ng mga kulungan ng mga kawan,
na parang mga pakpak ng kalapati na natatakpan ng pilak,
at ng kaniyang balahibo ng gintong madilaw? 14 Nang ang
Makapangyarihan sa lahat ay magkalat ng mga hari roon,
ay tila nagka nieve sa Salmon. 15 Bundok ng Dios ay ang
bundok ng Basan; mataas na bundok ang bundok ng Basan.
16 Bakit kayo'y nagsisiirap, kayong matataas na mga bundok,
sa bundok na ninasa ng Dios na maging kaniyang tahanan?
Oo, tatahan doon ang Panginoon magpakailan man. 17 Ang
mga karo ng Dios ay dalawang pung libo sa makatuwid
baga'y libolibo: ang Panginoon ay nasa gitna nila, kung
paano sa Sinai, gayon sa santuario. 18 Sumampa ka sa
mataas, pinatnubayan mo ang iyong bihag sa pagkabihag;
tumanggap ka ng mga kaloob sa gitna ng mga tao, Oo,
pati sa mga mapanghimagsik, upang makatahang kasama
nila ang Panginoong Dios. 19 Purihin ang Panginoon na
nagpapasan araw-araw ng aming pasan, sa makatuwid
baga'y ang Dios na siyang aming kaligtasan. (Selah) 20 Ang
Dios sa amin ay Dios ng mga kaligtasan; at kay Jehova na
Panginoon ukol ang pagpapalaya sa kamatayan. 21 Nguni't
sasaktan ng Dios ang ulo ng kaniyang mga kaaway. Ang
bunbunang mabuhok ng nagpapatuloy sa kaniyang sala. 22
Sinabi ng Panginoon, ibabalik ko uli mula sa Basan, ibabalik
ko uli (sila) mula sa mga kalaliman ng dagat: 23 Upang
madurog mo (sila) na nalulubog ang iyong paa sa dugo,
upang ang dila ng iyong mga aso ay magkaroon ng kaniyang
pagkain sa iyong mga kaaway. 24 Kanilang nakita ang iyong
mga lakad, Oh Dios, sa makatuwid baga'y ang lakad ng
aking Dios, ng aking Hari, sa loob ng santuario. 25 Ang
mga mangaawit ay nangagpauna, ang mga manunugtog ay
nagsisunod, sa gitna ng mga dalaga na nagtutugtugan ng
mga pandereta. 26 Purihin ninyo ang Dios sa mga kapisanan,
sa makatuwid baga'y ang Panginoon, ninyong mga sa bukal
ng lahi ng Israel. 27 Doo'y ang munting Benjamin ay siyang
kanilang puno, ang mga pangulo ng Juda at ang kanilang
pulong, ang mga pangulo ng Zabulon, ang mga pangulo ng
Nephtali. 28 Ang Dios mo'y nagutos ng iyong kalakasan:
patibayin mo, Oh Dios, ang ginawa mo sa amin. 29 Dahil
sa iyong templo sa Jerusalem mga hari ay mangagdadala
ng mga kaloob sa iyo. 30 Sawayin mo ang mga mailap na
hayop sa mga puno ng tambo, ang karamihan ng mga toro
na kasama ng mga guya ng mga bayan, na niyayapakan sa
ilalim ng paa ang mga putol ng pilak; iyong pinangalat ang
mga bayan na nangagagalak sa pagdidigma. 31 Mga pangulo
ay magsisilabas sa Egipto; magmamadali ang Etiopia na
igawad ang kaniyang mga kamay sa Dios. 32 Magsiawit kayo
sa Dios, kayong mga kaharian sa lupa; Oh magsiawit kayo
ng mga pagpuri sa Panginoon. 33 Sa kaniya na sumasakay
sa langit ng mga langit, na noon pang una: narito, binibigkas
niya ang kaniyang tinig, na makapangyarihang tinig, 34
Inyong isa Dios ang kalakasan: ang kaniyang karilagan ay
nasa Israel, at ang kaniyang kalakasan ay nasa mga langit.
35 Oh Dios, ikaw ay kakilakilabot mula sa iyong mga dakong
banal: ang Dios ng Israel, ay nagbibigay ng kalakasan at
kapangyarihan sa kaniyang bayan. Purihin ang Panginoon.

69 Iligtas mo ako, Oh Dios; sapagka't ang tubig ay
tumabon sa aking kaluluwa. 2 Ako'y lumulubog sa
malalim na burak na walang tayuan: ako'y lumulubog sa
malalim na tubig, na tinatabunan ako ng agos. 3 Ako'y
hapo sa aking daing; ang lalamunan ko'y tuyo: ang mga
mata ko'y nangangalumata habang hinihintay ko ang aking
Dios. 4 Silang nangagtatanim sa akin ng walang anomang
kadahilanan ay higit kay sa mga buhok ng aking ulo: silang

ibig maghiwalay sa akin, na mga kaaway kong may kamalian,
ay mga makapangyarihan: akin ngang isinauli ang hindi ko
kinuha. **5** Oh Dios, kilala mo ang kamangmangan ko; at ang
mga kasalanan ko'y hindi lihim sa iyo. **6** Huwag mangapahiya
dahil sa akin ang nangaghihintay sa iyo, Oh Panginoong
Dios ng mga hukbo: huwag mangalagay sa kasiraang puri
dahil sa akin ang nagsisihanap sa iyo, Oh Dios ng Israel.
**7** Sapagka't dahil sa iyo ay nagdala ako ng kadustaan;
kahihiyan ay tumakip sa aking mukha. **8** Ako'y naging iba sa
aking mga kapatid, at taga ibang lupa sa mga anak ng aking
ina. **9** Sapagka't napuspos ako ng sikap sa iyong bahay; at
ang mga pagduwahagi nila na nagsisiduwahagi sa iyo ay
nangahulog sa akin. **10** Pag umiiyak ako at pinarurusahan
ko ng pagaayuno ang aking kaluluwa, yao'y pagkaduwahagi
sa akin. **11** Nang magsuot ako ng kayong magaspang, ay
naging kawikaan ako sa kanila. **12** Pinag-uusapan ako nilang
nangauupo sa pintuang-bayan; at ako ang awit ng mga
lango. **13** Nguni't tungkol sa akin, ang dalangin ko'y sa iyo,
Oh Panginoon, sa isang kalugodlugod na panahon: Oh Dios,
sa karamihan ng iyong kagandahang-loob, **14** Iligtas mo ako
sa burak, at huwag mo akong ilubog: maligtas ako sa kanila
na nangagtatanim sa akin, at sa malalim na tubig. **15** Huwag
akong tangayin ng baha, ni lamunin man ako ng kalaliman:
at huwag takpan ng hukay ang kaniyang bunganga sa
akin. **16** Sagutin mo ako, Oh Panginoon; sapagka't ang
iyong kagandahang-loob ay mabuti: ayon sa karamihan
ng iyong mga malumanay na kaawaan ay bumalik ka sa
akin. **17** At huwag mong ikubli ang iyong mukha sa iyong
lingkod; sapagka't ako'y nasa kahirapan; sagutin mo akong
madali. **18** Lumapit ka sa aking kaluluwa, at tubusin mo:
Iligtas mo ako dahil sa aking mga kaaway. **19** Talastas mo
ang aking kadustaan, at ang aking kahihiyan, at ang aking
kasiraang puri: ang aking mga kaaway, ay pawang nangasa
harap mo. **20** Kaduwahagihan ay sumira ng aking puso;
at ako'y lipos ng kabigatan ng loob: at ako'y naghintay na
may maawa sa akin, nguni't wala; at mga mangaaliw, nguni't
wala akong masumpungan. **21** Binigyan naman nila ako
ng pagkaing mapait; at sa aking kauhawan ay binigyan
nila ako ng suka na mainom. **22** Maging lalang sa harap
nila ang kanilang dulang; at maging isang silo kung sila'y
nasa kapayapaan. **23** Manglabo ang kanilang mga mata, na
sila'y huwag makakita; at papanginigin mong palagi ang
kanilang mga balakang. **24** Ibugso mo ang iyong galit sa
kanila, at datnan (sila) ng kabangisan ng iyong galit. **25**
Magiba ang tahanan nila; walang tumahan sa kanilang mga
tolda. **26** Sapagka't kanilang hinabol siya na iyong sinaktan,
at sinaysay nila ang damdam niyaong iyong sinugatan. **27**
At dagdagan mo ng kasamaan ang kanilang kasamaan: at
huwag silang masok sa iyong katuwiran. **28** Mapawi (sila) sa
aklat ng buhay, at huwag masulat na kasama ng matuwid.
**29** Nguni't ako'y dukha at mapanglaw: sa pamamagitan ng
pagliligtas mo, Oh Dios, ay iahon mo nawa ako. **30** Aking
pupurihin ng awit ang pangalan ng Dios, at dadakilain ko
siya ng pasalamat. **31** At kalulugdan ng Panginoon na higit
kay sa isang baka, o sa toro na may mga sungay at mga
paa. **32** Nakita ng mga maamo, at nangatuwa: mabuhay ang
puso, ninyong nagsisihanap sa Dios. **33** Sapagka't dinidinig
ng Panginoon ang mapagkailangan, at hindi hinahamak
ang kaniyang mga bilanggo. **34** Purihin siya ng langit at
lupa, ng mga dagat, at ng bawa't bagay na gumagalaw
roon. **35** Sapagka't ililigtas ng Dios ang Sion, at itatayo
ang mga bayan ng Juda; at sila'y magsisitahan doon, at
tatangkilikin nila na pinakaari. **36** Mamanahin naman ng binhi
ng kaniyang mga lingkod; at silang nagsisiibig ng kaniyang
pangalan ay magsisitahan doon.

**70** Magmadali ka, Oh Dios, na iligtas mo ako; magmadali
ka na tulungan mo ako, Oh Panginoon. **2** Mangapahiya
at mangalito (sila) na nagsisiusig ng aking kaluluwa:
mangapatalikod (sila) at mangadala sa kasiraang puri. Silang
nangaliligaya sa aking kapahamakan. **3** Mangapatalikod
(sila) dahil sa kanilang kahihiyan. Silang nangagsasabi,
Aha, aha. **4** Mangagalak at mangatuwa sa iyo ang lahat na
nagsisihanap sa iyo; at magsabing lagi yaong umiibig ng
iyong kaligtasan: Dakilain ang Dios. **5** Nguni't ako'y dukha at
mapagkailangan; magmadali ka sa akin, Oh Dios: ikaw ay
aking katulong at aking tagapagligtas; Oh Panginoon, huwag
kang magluwat.

**71** Sa iyo Oh Panginoon, nanganganlong ako: huwag
akong mapahiya kailan man. **2** Iligtas mo ako sa iyong
katuwiran, at sagipin mo ako: ikiling mo ang iyong pakinig
sa akin, at iligtas mo ako, **3** Ikaw ay maging kanlungan
ng aking tahanan, na aking kapaparunang lagi: ikaw ay
nagbigay utos na iligtas ako; sapagka't ikaw ay aking
malaking bato at aking kuta. **4** Sagipin mo ako, Oh aking
Dios, sa kamay ng masama, sa kamay ng liko at mabagsik
na tao. **5** Sapagka't ikaw ay aking pagasa, Oh Panginoong
Dios: ikaw ay aking tiwala mula sa aking kabataan. **6**
Sa pamamagitan mo ay naalalayan ako mula sa bahay-
bata: ikaw ang kumuha sa akin sa tiyan ng aking ina: ang
pagpuri ko'y magiging laging sa iyo. **7** Ako'y naging isang
kagilagilalas sa marami; nguni't ikaw ang matibay kong
kanlungan. **8** Ang bibig ko'y mapupuno ng pagpuri sa iyo,
at ng iyong karangalan buong araw. **9** Huwag mo akong
itakuwil sa katandaan; huwag mo akong pabayaan pagka
ang aking kalakasan ay nanglulupaypay. **10** Sapagka't ang
mga kaaway ko'y nangagsasalita tungkol sa akin: at silang
nagsisibakay ng aking kaluluwa ay nangagsasanggunian, **11**

Na nangagsasabi, pinabayaan siya ng Dios: iyong habulin at
hulihin siya; sapagka't walang magligtas. **12** Oh Dios, huwag
kang lumayo sa akin: Oh Dios ko, magmadali kang tulungan
mo ako. **13** Mangapahiya at mangalipol (sila) na mga kaaway
ng aking kaluluwa; mangatakpan ng pagkaduwahagi at
kasiraang puri (sila) na nagsisihanap ng aking kapahamakan.
**14** Nguni't ako'y maghihintay na palagi, at pupuri pa ako sa
iyo ng higit at higit. **15** Ang bibig ko'y magsasaysay ng iyong
katuwiran, at ng iyong pagliligtas buong araw; sapagka't
hindi ko nalalaman ang mga bilang. **16** Ako'y yayao na
may mga makapangyarihang gawa ng Panginoong Dios:
aking babanggitin ang iyong katuwiran, sa makatuwid baga'y
ang iyo lamang. **17** Oh Dios, iyong tinuruan ako mula sa
aking kabataan; at hanggang ngayon ay aking inihahayag
ang iyong kagilagilalas na mga gawa. **18** Oo, pag ako'y
tumanda at may uban, Oh Dios, huwag mo akong pabayaan;
hanggang sa aking maipahayag ang iyong kalakasan sa
sumusunod na lahi, ang iyong kapangyarihan sa bawa't
isa na darating. **19** Ang iyo ring katuwiran, Oh Dios, ay
totoong mataas; ikaw na gumawa ng dakilang mga bagay,
Oh Dios, sino ang gaya mo. **20** Ikaw na nagpakita sa amin
ng marami at lubhang kabagabagan, bubuhayin mo uli kami,
at ibabangon mo uli kami mula sa mga kalaliman ng lupa.
**21** Palaguin mo ang aking kadakilaan, at bumalik ka uli,
at aliwin mo ako. **22** Pupurihin din kita ng salterio, ang
iyong katotohanan, Oh Dios ko; sa iyo'y aawit ako ng mga
kapurihan sa pamamagitan ng alpa, Oh ikaw na Banal ng
Israel. **23** Ang mga labi ko'y mangagagalak na mainam pagka
ako'y umaawit ng mga pagpuri sa iyo; at ang kaluluwa ko,
na iyong tinubos. **24** Ang dila ko naman ay magsasalita ng
iyong katuwiran buong araw: sapagka't sila'y nangapahiya,
sila'y nangalito, na nagsisihanap ng aking kapahamakan.

**72** Ibigay mo sa hari ang iyong mga kahatulan, Oh Dios,
at ang iyong katuwiran sa anak na lalake ng hari.
**2** Kaniyang hahatulan ang iyong bayan, ng katuwiran, at
ang iyong dukha, ng kahatulan. **3** Ang mga bundok ay
magtataglay ng kapayapaan sa bayan, at ang mga gulod,
sa katuwiran. **4** Kaniyang hahatulan ang dukha sa bayan,
kaniyang ililigtas ang mga anak ng mapagkailangan, at
pagwawaraywarayin ang mangaapi. **5** Sila'y mangatatakot
sa iyo habang nananatili ang araw, at habang sumisilang ang
buwan, sa lahat ng sali't saling lahi. **6** Siya'y babagsak na
parang ulan sa tuyong damo: gaya ng ambon na dumidilig
sa lupa. **7** Sa kaniyang mga kaarawan ay giginhawa ang
mga matuwid; at saganang kapayapaan, hanggang sa
mawala ang buwan. **8** Siya naman ay magtataglay ng
pagpapakapanginoon sa dagat at dagat, at mula sa ilog
hanggang sa mga wakas ng lupa. **9** Silang nagsisitahan sa
ilang ay magsisiyukod sa kaniya; at hihimuran ng kaniyang
mga kaaway ang alabok. **10** Ang mga hari ng Tharsis, at sa
mga pulo ay mangagdadala ng mga kaloob; ang mga hari
sa Sheba at Seba ay mangaghahandog ng mga kaloob. **11**
Oo, lahat ng mga hari ay magsisiyukod sa harap niya: lahat
ng mga bansa ay mangaglilingkod sa kaniya. **12** Sapagka't
kaniyang ililigtas ang mapagkailangan pagka dumadaing;
at ang dukha na walang katulong. **13** Siya'y maaawa sa
dukha at mapagkailangan, at ang mga kaluluwa ng mga
mapagkailangan ay kaniyang ililigtas. **14** Tutubusin niya ang
kanilang kaluluwa sa kapighatian at karahasan; at magiging
mahalaga ang kanilang dugo sa kaniyang paningin: **15**
At siya'y mabubuhay at sa kaniya'y ibibigay ang ginto ng
Sheba: at dadalanginang lagi siya ng mga tao: pupurihin nila
siya buong araw. **16** Magkakaroon ng saganang trigo sa lupa
sa taluktok ng mga bundok; ang bunga niyao'y uugang gaya
ng Libano: at silang sa bayan ay giginhawa na parang damo
sa lupa. **17** Ang kaniyang pangalan ay mananatili kailan
man; ang kaniyang pangalan ay magluluwat na gaya ng
araw: at ang mga tao ay pagpapalain sa kaniya; tatawagin
siyang maginhawa ng lahat ng mga bansa. **18** Purihin
ang Panginoong Dios, ang Dios ng Israel, na siya lamang
gumagawa ng mga kababalaghang bagay: **19** At purihin
ang kaniyang maluwalhating pangalan magpakailan man; at
mapuno ang buong lupa ng kaniyang kaluwalhatian. Siya
nawa, at Siya nawa. **20** Ang mga dalangin ni David na anak
ni Isai ay nangatapos.

**73** Tunay na ang Dios ay mabuti sa Israel. Sa mga malilinis
sa puso. **2** Nguni't tungkol sa akin, ang mga paa
ko'y halos nahiwalay: ang mga hakbang ko'y kamunti nang
nangadulas. **3** Sapagka't ako'y nanaghili sa hambog, nang
aking makita ang kaginhawahan ng masama. **4** Sapagka't
walang mga tali sa kanilang kamatayan: kundi ang kanilang
kalakasan ay matatag. **5** Sila'y wala sa kabagabagan na
gaya ng ibang mga tao; na hindi man (sila) nangasasalot
na gaya ng ibang mga tao. **6** Kaya't kapalalua'y gaya ng
kuwintas sa kanilang leeg: tinatakpan (sila) ng karahasan na
gaya ng bihisan. **7** Ang kanilang mga mata ay lumuluwa sa
katabaan: sila'y mayroong higit kay sa mananasa ng puso. **8**
Sila'y manganunuya, at sa kasamaan ay nanunungayaw
ng pagpighati: sila'y nangagsasalitang may kataasan. **9**
Kanilang inilagay ang kanilang bibig sa mga langit, at ang
kanilang dila ay lumalakad sa lupa. **10** Kaya't ibinabalik dito
ang kaniyang bayan: at tubig ng punong saro ay nilalagok
nila. **11** At kanilang sinasabi, Paanong nalalaman ng Dios?
At may kaalaman ba sa Kataastaasan? **12** Narito, ang mga
ito ang masama; at palibhasa'y laging tiwasay nagsisilago
sa mga kayamanan, **13** Tunay na sa walang kabuluhan
ay nilinis ko ang aking puso, at hinugasan ko ang aking
mga kamay sa kawalaang sala; **14** Sapagka't buong araw

ay nasalot ako, at naparusahan tuwing umaga. 15 Kung
aking sinabi, Ako'y magsasalita ng ganito; narito, ako'y
gagawang may karayaan sa lahi ng iyong mga anak. 16
Nang aking isipin kung paanong aking malalaman ito, ay
napakahirap sa ganang akin; 17 Hanggang sa ako'y pumasok
sa santuario ng Dios, at aking nagunita ang kanilang huling
wakas, 18 Tunay na iyong inilagay (sila) sa mga madulas
na dako: iyong inilugmok (sila) sa kapahamakan. 19 Kung
paanong naging kapahamakan (sila) sa isang sandali! Sila'y
nilipol na lubos ng mga kakilabutan. 20 Ang panaginip sa
pagkagising: sa gayon, Oh Panginoon, pag gumising ka,
iyong hahamakin ang kanilang larawan. 21 Sapagka't ang
puso ko'y namanglaw, at sa aking kalooban ay nasaktan
ako: 22 Sa gayo'y naging walang muwang ako, at musmos;
ako'y naging gaya ng hayop sa harap mo. 23 Gayon ma'y
laging sumasaiyo ako: iyong inalalayan ang aking kanan. 24
Iyong papatnubayan ako ng iyong payo, at pagkatapos ay
tatanggapin mo ako sa kaluwalhatian. 25 Sinong kumakasi
sa akin sa langit kundi ikaw? At walang ninanasa ako sa
lupa liban sa iyo. 26 Ang aking laman at ang aking puso ay
nanglulupaypay: nguni't ang Dios ay kalakasan ng aking
puso, at bahagi ko magpakailan man. 27 Sapagka't narito,
silang malayo sa iyo ay mangalilipol: iyong ibinuwal silang
lahat, na nangakikiapid, na nagsisihiwalay sa iyo. 28 Nguni't
mabuti sa akin na lumapit sa Dios; ginawa kong aking
kanlungan ang Panginoong Dios, upang aking maisaysay
ang lahat ng iyong mga gawa.

**74** Oh Dios, bakit mo itinakuwil kami magpakailan man?
Bakit ang iyong galit ay umuusok laban sa mga tupa
ng iyong pastulan? 2 Alalahanin mo ang iyong kapisanan na
iyong binili ng una, na iyong tinubos upang maging lipi ng
iyong mana; at ang bundok ng Sion na iyong tinahanan. 3
Itaas mo ang iyong mga paa sa mga walang hanggang guho,
ang lahat na kasamaang ginawa ng kaaway sa santuario.
4 Ang mga kaaway mo'y nagsisiangal sa gitna ng iyong
kapulungan; kanilang itinaas ang kanilang mga watawat
na pinakatanda. 5 Sila'y tila mga tao na nangagtaas ng
mga palakol sa mga kakahuyan. 6 At ngayo'y lahat ng
gawang inanyuan doon. Kanilang pinagputolputol ng palakol
at ng mga pamukpok. 7 Kanilang sinilaban ng apoy ang
iyong santuario; kanilang dinumhan ang tahanang dako ng
iyong pangalan hanggang sa lupa. 8 Kanilang sinabi sa
kanilang puso, ating gibaing paminsan: kanilang sinunog
ang lahat na sinagoga ng Dios sa lupain. 9 Hindi namin
nakikita ang aming mga tanda: Wala nang propeta pa; at
wala mang sinoman sa amin na nakakaalam kung hanggang
kailan. 10 Hanggang kailan, Oh Dios, mangduduwahagi ang
kaaway? Lalapastanganin ba ng kaaway ang iyong pangalan
magpakailan man? 11 Bakit mo iniuurong ang iyong kamay,
ang iyong kanan? Ilabas mo sa iyong sinapupunan, at iyong
lipulin (sila) 12 Gayon ma'y ang Dios ay aking Hari ng una,
na nagliligtas sa gitna ng lupa. 13 Iyong hinawi ang dagat sa
iyong kalakasan: iyong pinagbasag ang mga ulo ng mga
buwaya sa mga tubig. 14 Iyong pinagputolputol ang mga
ulo ng leviatan, ibinigay mo siya na pagkain sa bayan na
tumatahan sa ilang. 15 Ikaw ay nagbukas ng bukal at ilog:
iyong tinutuyo ang mga malaking ilog. 16 Ang araw ay iyo,
ang gabi ay iyo rin: iyong inihanda ang liwanag at ang araw.
17 Iyong inilagay ang lahat ng mga hangganan ng lupa: iyong
ginawa ang taginit at taginaw. 18 Iyong alalahanin ito, na
nangduwahagi ang kaaway, Oh Panginoon, at nilapastangan
ng mangmang na bayan ang iyong pangalan. 19 Oh huwag
mong ibigay ang kaluluwa ng inakay ng iyong kalapati sa
mabangis na hayop: huwag mong kalimutan ang buhay ng
iyong dukha magpakailan man. 20 Magkaroong pitagan
ka sa tipan: sapagka't ang mga madilim na dako ng lupa
ay puno ng mga tahanan ng karahasan. 21 Oh huwag
bumalik na may kahihiyan ang naaapi: pupurihin ng dukha
at mapagkailangan ang iyong pangalan. 22 Bumangon ka,
Oh Dios, ipaglaban mo ang iyong sariling usap: alalahanin
mo kung paanong dinuduwahagi ka ng mangmang buong
araw. 23 Huwag mong kalimutan ang tinig ng iyong mga
kaaway: ang ingay niyaong nagsisibangon laban sa iyo ay
patuloy na lumalala.

**75** Kami ay nagpapasalamat sa iyo, Oh Dios: kami
ay nagpapasalamat, sapagka't ang iyong pangalan
ay malapit: isinasaysay ng mga tao ang iyong mga
kagilagilalas na gawa. 2 Pagka aking nakamtan ang takdang
kapanahunan, hahatol ako ng matuwid. 3 Ang lupa at lahat
na tagarito ay natutunaw: aking itinayo ang mga haligi
niyaon. (Selah) 4 Aking sinabi sa hambog, Huwag kang
gumawang may kahambugan: at sa masama, Huwag kang
magtaas ng sungay: 5 Huwag mong itaas ang iyong sungay
ng mataas; huwag kang magsalitang may matigas na ulo. 6
Sapagka't hindi man mula sa silanganan, o mula man sa
kalunuran, o mula man sa timugan, ang pagkataas. 7 Kundi
ang Dios ay siyang hukom: kaniyang ibinababa ang isa,
at itinataas ang isa. 8 Sapagka't sa kamay ng Panginoon
ay may isang saro, at ang alak ay bumubula; puno ng
pagkakahalohalo, at kaniyang inililiguwak din: tunay na
ibubuhos ng lahat na masama sa lupa ang latak, at iinumin.
9 Nguni't aking ipahahayag magpakailan man, ako'y aawit ng
mga kapurihan sa Dios ni Jacob. 10 Lahat ng mga sungay
naman ng masama ay aking ihihiwalay; nguni't ang mga
sungay ng matuwid ay matataas.

**76** Sa Juda ay kilala ang Dios: ang kaniyang pangalan ay
dakila sa Israel. 2 Nasa Salem naman ang kaniyang

tabernakulo, at ang kaniyang dakong tahanan ay sa Sion. **3**
Doo'y binali niya ang mga pana ng busog; at kalasag, at
ang tabak, at ang pagbabaka. (Selah) **4** Maluwalhati ka at
marilag, mula sa mga bundok na hulihan. **5** Ang mga puso
na matapang ay nasamsaman, sila'y nangatulog ng kanilang
pagtulog; at wala sa mga lalaking makapangyarihan na
nakasumpong ng kanilang mga kamay. **6** Sa iyong saway
Oh Dios ni Jacob, ang karo at gayon din ang kabayo ay
nahandusay sa mahimbing na pagkakatulog. **7** Ikaw, ikaw
ay katatakutan: at sinong makatatayo sa iyong paningin,
sa minsang ikaw ay magalit? **8** Iyong ipinarinig ang hatol
mula sa langit; ang lupa ay natakot, at tumahimik, **9** Nang
ang Dios ay bumangon sa paghatol, upang iligtas ang lahat
ng maamo sa lupa. (Selah) **10** Tunay na pupurihin ka ng
poot ng tao: ang nalabi sa poot ay ibibigkis mo sa iyo. **11**
Manata ka at tuparin mo sa Panginoon mong Dios: magdala
ng mga kaloob sa kaniya na marapat katakutan, yaong lahat
na nangasa buong palibot niya. **12** Kaniyang ihihiwalay ang
diwa ng mga pangulo: siya'y kakilakilabot sa mga hari sa
lupa.

**77** Ako'y dadaing ng aking tinig sa Dios; sa Dios ng
aking tinig; at kaniyang didinggin ako. **2** Sa kaarawan
ng aking kabagabagan ay hinahanap ko ang Panginoon:
ang kamay ko'y nakaunat sa gabi, at hindi nangangalay;
tumatangging maaliw ang kaluluwa ko. **3** Naaalaala ko
ang Dios, at ako'y nababalisa: ako'y nagdaramdam, at ang
diwa ko'y nanglulupaypay. (Selah) **4** Iyong pinupuyat ang
mga mata ko: ako'y totoong nababagabag na hindi ako
makapagsalita. **5** Aking ginunita ang mga araw ng una, ang
mga taon ng dating mga panahon. **6** Aking inaalaala ang
awit ko sa gabi: sumasangguni ako sa aking sariling puso; at
ang diwa ko'y masikap na nagsiyasat. **7** Magtatakuwil ba
ang Panginoon magpakailan man? At hindi na baga siya
lilingap pa? **8** Ang kaniya bang kagandahang-loob ay lubos
na nawala magpakailan man? Natapos na bang walang
hanggan ang kaniyang pangako? **9** Nakalimot na ba ang
Dios na magmaawain? Kaniya bang tinakpan ng kagalitan
ang kaniyang malumanay na mga kaawaan? (Selah) **10** At
aking sinabi, Ito ang sakit ko; nguni't aalalahanin ko ang
mga taon ng kanan ng Kataastaasan. **11** Babanggitin ko ang
mga gawa ng Panginoon; sapagka't aalalahanin ko ang mga
kabagabagan mo ng una. **12** Bubulayin ko ang lahat ng iyong
gawa, at magmumuni tungkol sa iyong mga gawa. **13** Ang
iyong daan, Oh Dios, ay nasa santuario: sino ang dakilang
dios na gaya ng Dios? **14** Ikaw ay Dios na gumagawa
ng mga kagilagilalas: iyong ipinakilala ang kalakasan mo
sa gitna ng mga tao. **15** Iyong tinubos ng kamay mo ang
iyong bayan, ang mga anak ng Jacob at ng Jose. (Selah)
**16** Nakita ka ng tubig, Oh Dios; nakita ka ng tubig, sila'y
nangatakot: ang mga kalaliman din naman ay nanginig. **17**
Ang mga alapaap ay nangaglagpak ng tubig; ang langit ay
humugong: ang mga pana mo naman ay nagsihilagpos. **18**
Ang tinig ng iyong kulog, ay nasa ipoipo; tinanglawan ng
mga kidlat ang sanglibutan: ang lupa ay nayanig at umuga.
**19** Ang daan mo'y nasa dagat, at ang mga landas mo'y nasa
malalawak na tubig, at ang bakas mo'y hindi nakilala. **20**
Iyong pinapatnubayan ang iyong bayan na parang kawan,
sa pamamagitan ng kamay ni Moises at ni Aaron.

**78** Makinig kayo, Oh bayan ko, sa aking kautusan: ikiling
ninyo ang inyong mga pakinig sa mga salita ng aking
bibig. **2** Aking bubukhin ang aking bibig sa isang talinghaga;
ako'y magsasalita ng mga malabong sabi ng una: **3** Na
aming narinig at naalaman, at isinaysay sa amin ng aming
mga magulang. **4** Hindi namin ikukubli sa kanilang mga anak,
na isasaysay sa salin ng lahing darating ang mga pagpuri sa
Panginoon, at ang kaniyang kalakasan, at ang kaniyang
mga kagilagilalas na mga gawa na kaniyang ginawa. **5**
Sapagka't siya'y nagtatag ng patotoo sa Jacob, at nagtakda
ng kautusan sa Israel, na kaniyang iniutos sa aming mga
magulang, na kanilang ipabatid sa kanilang mga anak: **6**
Upang maalaman ng lahing darating, sa makatuwid baga'y
ng mga anak na ipanganganak; na siyang magsisibangon, at
mangagsasaysay sa kanilang mga anak: **7** Upang kanilang
mailagak ang kanilang pagasa sa Dios, at huwag kalimutan
ang mga gawa ng Dios, Kundi ingatan ang kaniyang mga
utos: **8** At huwag maging gaya ng kanilang mga magulang,
may matigas na ulo at mapanghimagsik na lahi; isang
lahing di naglagay sa matuwid ng kanilang puso, at ang
kanilang diwa ay hindi tapat sa Dios, **9** Ang mga anak ni
Ephraim, gayong may sakbat at may dalang mga busog,
at nagsitalikod sa kaarawan ng pagbabaka. **10** Hindi nila
tinupad ang tipan ng Dios, at nagsitangging magsilakad sa
kaniyang kautusan; **11** At kanilang kinalimutan ang kaniyang
mga gawa, at ang kaniyang mga kagilagilalas na mga gawa
na kaniyang ipinakita sa kanila. **12** Mga kagilagilalas na
mga bagay ay ginawa niya sa paningin ng kanilang mga
magulang, sa lupain ng Egipto, sa parang ng Zoan. **13** Hinawi
niya ang dagat, at pinaraan niya (sila) at kaniyang pinatayo
ang tubig na parang bunton. **14** Sa araw naman ay kaniyang
pinatnubayan (sila) sa pamamagitan ng isang ulap, at buong
gabi ay sa pamamagitan ng tanglaw na apoy. **15** Kaniyang
pinuwangan ang mga bato sa ilang, at pinainom niya (sila) ng
sagana na gaya ng mula sa mga kalaliman. **16** Nagpabukal
naman siya mula sa bato. At nagpababa ng tubig na parang
mga ilog. **17** Gayon ma'y nagkasala uli (sila) laban sa kaniya,
upang manghimagsik laban sa Kataastaasan sa ilang. **18** At
kanilang tinukso ang Dios sa kanilang puso, sa paghingi ng
pagkain sa kanilang pita. **19** Oo, sila'y nagsalita laban sa

Dios; kanilang sinabi, Makapaghahanda ba ang Dios ng
dulang sa ilang? **20** Narito, kaniyang pinalo ang bato, na ang
mga tubig ay bumubuluwak, at mga bukal ay nagsisiapaw;
makapagbibigay ba siya ng tinapay naman? Ipaghahanda
ba niya ng karne ang kaniyang bayan? **21** Kaya't narinig ng
Panginoon, at napoot: at isang apoy ay nagalab laban sa
Jacob, at galit naman ay napailanglang laban sa Israel; **22**
Sapagka't sila'y hindi nagsisampalataya sa Dios, at hindi
nagsitiwala sa kaniyang pagliligtas. **23** Gayon ma'y nagutos
siya sa mga langit sa itaas, at binuksan ang mga pintuan
ng langit; **24** At pinaulanan niya (sila) ng mana upang
makain. At binigyan (sila) ng trigo ng langit. **25** Kumain
ang tao ng tinapay ng makapangyarihan: pinadalhan niya
(sila) ng pagkain hanggang sa nangabusog. **26** Kaniyang
pinahihip ang hanging silanganan sa mga langit: at sa
pamamagitan ng kaniyang kapangyarihan ay pinatnubayan
niya ang hanging timugan. **27** Pinaulanan naman niya
(sila) ng karne na parang alabok, at ng mga ibong parang
buhangin sa mga dagat: **28** At pinalagpak niya sa gitna ng
kanilang kampamento, sa palibot ng kanilang mga tahanan.
**29** Sa gayo'y nagsikain (sila) at nangabusog na mabuti; at
ibinigay niya sa kanila ang kanilang pita. **30** Hindi (sila)
nagsihiwalay sa kanilang pita, ang kanilang pagkain ay
nasa kanila pang mga bibig, **31** Nang ang galit ng Dios ay
paitaas laban sa kanila, at pumatay sa mga pinakamataba
sa kanila, at sinaktan ang mga binata sa Israel. **32** Sa
lahat ng ito ay nangagkasala pa (sila) at hindi naniwala sa
kaniyang kagilagilalas na mga gawa. **33** Kaya't kaniyang
pinaram ang kanilang mga kaarawan sa walang kabuluhan,
at ang kanilang mga taon ay sa mga kakilabutan. **34** Nang
kaniyang patayin (sila) sila'y nangagusisa sa kaniya: at sila'y
nagsibalik, at nagsihanap ng tapat sa Dios. **35** At kanilang
naalaala na ang Dios ay kanilang malaking bato, at ang
Kataastaasang Dios ay kanilang manunubos. **36** Nguni't
tinutuya nila siya ng kanilang bibig, at pinagbubulaanan nila
siya ng kanilang dila. **37** Sapagka't ang kanilang puso ay
hindi matuwid sa kaniya, ni tapat man (sila) sa kaniyang
tipan. **38** Nguni't siya, palibhasa'y puspos ng kaawaan, ay
pinatawad ang kanilang kasamaan at hindi (sila) nilipol: Oo,
madalas na inihiwalay ang kaniyang galit, at hindi pinukaw
ang buo niyang poot. **39** At naalaala niyang sila'y laman
lamang; hanging dumadaan, at hindi bumabalik. **40** Kay
dalas na nanghimagsik nila laban sa kaniya sa ilang, at
pinapanglaw nila siya sa ilang! **41** At sila'y nagsibalik uli, at
tinukso ang Dios, at minungkahi ang Banal ng Israel. **42**
Hindi nila inalaala ang kaniyang kamay, ni ang araw man
nang kaniyang tubusin (sila) sa kaaway. **43** Kung paanong
kaniyang inilagay ang kaniyang mga tanda sa Egipto, at
ang kaniyang mga kababalaghan sa parang ng Zoan; **44** At
pinapaging dugo ang kanilang mga ilog, at ang kanilang
mga bukal, na anopa't hindi (sila) makainom. **45** Nagsugo
rin siya sa gitna nila ng mga pulutong ng mga bangaw na
lumamon sa kanila; at mga palaka, na nagsigiba sa kanila.
**46** Ibinigay rin niya ang kanilang bunga sa tipaklong, at ang
kanilang pakinabang sa balang. **47** Sinira niya ang kanilang
ubasan ng granizo, at ang mga puno nila ng sikomoro ng
escarcha. **48** Ibinigay rin naman niya ang kanilang mga
hayop sa granizo, at sa mga lintik ang kanilang mga kawan.
**49** Ibinugso niya sa kanila ang kabangisan ng kaniyang galit,
poot at galit, at kabagabagan, pulutong ng mga anghel ng
kasamaan. **50** Kaniyang iginawa ng landas ang kaniyang
galit; hindi niya pinigil ang kanilang buhay sa kamatayan,
kundi ibinigay ang kanilang buhay sa pagkapuksa; **51** At
sinaktan ang lahat na panganay sa Egipto, ang panguna
ng kanilang kalakasan sa mga tolda ni Cham: **52** Nguni't
kaniyang pinayaon ang kaniyang sariling bayan na parang
mga tupa, at pinatnubayan (sila) sa ilang na parang kawan.
**53** At inihatid niya silang tiwasay, na anopa't hindi (sila)
nangatakot: nguni't tinakpan ng dagat ang kanilang mga
kaaway. **54** At dinala niya (sila) sa hangganan ng kaniyang
santuario, sa bundok na ito na binili ng kaniyang kanang
kamay. **55** Pinalayas din niya ang mga bansa sa harap nila, at
binahagi sa kanila na pinakamana sa pamamagitan ng pising
panukat, at pinatahan ang mga lipi ng Israel sa kanilang mga
tolda. **56** Gayon ma'y nanukso at nanghimagsik (sila) laban
sa Kataastaasang Dios, at hindi iningatan ang kaniyang mga
patotoo; **57** Kundi nagsitalikod, at nagsigawang may paglililo
na gaya ng kanilang mga magulang: sila'y nagsilisyang
parang magdarayang busog. **58** Sapagka't minungkahi nila
siya sa galit ng kanilang mga mataas na dako, at kinilos
nila siya sa panibugho ng kanilang mga larawang inanyuan.
**59** Nang marinig ito ng Dios, ay napoot, at kinayamutang
lubha ang Israel: **60** Sa gayo'y kaniyang pinabayaan ang
tabernakulo ng Silo, ang tolda na kaniyang inilagay sa gitna
ng mga tao; **61** At ibinigay ang kaniyang kalakasan sa
pagkabihag, at ang kaniyang kaluwalhatian ay sa kamay
ng kaaway. **62** Ibinigay rin niya ang kaniyang bayan sa
tabak; at napoot sa kaniyang mana. **63** Nilamon ng apoy
ang kanilang mga binata; at ang mga dalaga nila'y hindi
nagkaroon ng awit ng pagaasawa. **64** Ang mga saserdote
nila'y nabuwal sa pamamagitan ng tabak; at ang mga bao
nila'y hindi nanganaghoy. **65** Nang magkagayo'y gumising
ang Panginoon na gaya ng mula sa pagkakatulog, gaya ng
malakas na tao na humihiyaw dahil sa alak. **66** At sinaktan
niya sa likod ang kaniyang mga kaaway: inilagay niya (sila)
sa laging kadustaan. **67** Bukod dito'y tinanggihan niya ang
tolda ng Jose, at hindi pinili ang lipi ni Ephraim; **68** Kundi
pinili ang lipi ni Juda, ang bundok ng Zion na kaniyang inibig.

69 At itinayo niya ang kaniyang santuario na parang mga
kataasan, parang lupa na kaniyang itinatag magpakailan
man. 70 Pinili naman niya si David na kaniyang lingkod,
at kinuha niya siya mula sa kulungan ng mga tupa: 71
Dinala niya siya na mula sa pagsunod sa mga tupa ng
nagpapasuso, upang maging pastor ng Jacob na kaniyang
bayan, at ang Israel na kaniyang mana. 72 Sa gayo'y siya
ang kanilang pastor ayon sa pagtatapat ng kaniyang puso;
at pinatnubayan niya (sila) sa pamamagitan ng kabihasahan
ng kaniyang mga kamay.

**79** Oh Dios, ang mga bansa ay dumating sa iyong mana;
ang iyong banal na templo ay kanilang nilapastangan;
kanilang pinapaging bunton ang Jerusalem. 2 Ang mga
bangkay ng iyong mga lingkod ay ibinigay nila na pagkain
sa mga ibon sa himpapawid, ang laman ng iyong mga
banal ay sa mga hayop sa lupa. 3 Ang kanilang dugo ay
ibinubo nila na parang tubig sa palibot ng Jerusalem; at
walang naglibing sa kanila. 4 Kami ay naging kadustaan
sa aming kalapit, kasabihan at kakutyaan nilang nangasa
palibot namin. 5 Hanggang kailan, Oh Panginoon, magagalit
ka magpakailan man? Magaalab ba ang iyong paninibugho
na parang apoy? 6 Ibugso mo ang iyong pagiinit sa mga
bansa na hindi nangakakakilala sa iyo, at sa mga kaharian
na hindi nagsisitawag sa iyong pangalan. 7 Sapagka't
kanilang nilamon ang Jacob, at inilagay na sira ang kaniyang
tahanan. 8 Huwag mong alalahanin laban sa amin ang
kasamaan ng aming mga magulang: magmadali ang iyong
mga malumanay na kaawaan na tulungan kami: sapagka't
kami ay totoong hinamak. 9 Iyong tulungan kami, Oh Dios ng
aming kaligtasan, dahil sa kaluwalhatian ng iyong pangalan:
at iyong iligtas kami, at linisin mo ang aming mga kasalanan,
dahil sa iyong pangalan. 10 Bakit sasabihin ng mga bansa,
Saan nandoon ang kanilang Dios? Ang kagantihan sa dugo
na nabubo sa iyong mga lingkod maalaman nawa ng mga
bansa sa aming paningin. 11 Dumating nawa sa harap
mo ang buntong-hininga ng bihag; ayon sa kadakilaan ng
iyong kapangyarihan ay palagiin mo yaong nangatakda
sa kamatayan: 12 At ibalik mo sa aming mga kalapit-
bansa sa makapito sa kanilang sinapupunan, ang kanilang
pagduwahagi na kanilang idinuwahagi sa iyo, Oh Panginoon.
13 Sa gayo'y kaming iyong bayan at mga tupa sa pastulan
mo mangagpapasalamat sa iyo magpakailan man: aming
ipakikilala ang iyong kapurihan sa lahat ng mga lahi.

**80** Dinggin mo, Oh Pastor ng Israel, ikaw na pumapatnubay
sa Jose na parang kawan; ikaw na nauupo sa ibabaw
ng mga querubin, sumilang ka. 2 Sa harap ng Ephraim,
ng Benjamin at ng Manases, ay mapukaw nawa ang
kapangyarihan mo, at parito kang iligtas mo kami. 3
Papanumbalikin mo kami, Oh Dios; at pasilangin mo ang
iyong mukha, at maliligtas kami. 4 Oh Panginoong Dios ng
mga hukbo, hanggang kailan magagalit ka laban sa dalangin
ng iyong bayan? 5 Iyong pinakain (sila) ng tinapay na mga
luha, at binigyan mo (sila) ng mga luha upang inumin ng
sagana. 6 Iyong ginawa kaming kaalitan sa aming mga
kalapit bansa: at ang mga kaaway namin ay nagtatawanan.
7 Ibalik mo kami, Oh Dios ng mga hukbo; at pasilangin mo
ang iyong mukha at kami ay maliligtas. 8 Ikaw ay nagdala
ng isang puno ng ubas mula sa Egipto; iyong pinalayas ang
mga bansa, at itinanim mo yaon. 9 Ikaw ay naghanda ng
dako sa harap niya, at napailalim ang ugat, at pinuno ang
lupain. 10 Ang mga bundok ay natakpan ng lilim niyaon, at
ang mga sanga niyaon ay gaya ng mga sedro ng Dios. 11
Kaniyang pinaabot ang kaniyang mga sanga hanggang sa
dagat, at ang kaniyang mga suwi hanggang sa ilog. 12 Bakit
mo ibinagsak ang kaniyang mga bakod, na anopa't siya'y
binubunot nilang lahat na nangagdadaan? 13 Sinisira ng
baboy-ramo, at sinasabsab ng mailap na hayop sa parang.
14 Bumalik ka uli, isinasamo ko sa iyo, Oh Dios ng mga
hukbo: tumungo ka mula sa langit, at iyong masdan, at
dalawin mo ang puno ng ubas na ito, 15 At ang ubasan na
itinanim ng iyong kanan, at ang suwi na iyong pinalakas
para sa iyong sarili. 16 Nasunog ng apoy, at naputol: sila'y
nalipol sa saway ng iyong mukha. 17 Mapatong nawa
ang iyong kamay sa tao na iyong kinakanan. Sa anak ng
tao na iyong pinalakas sa iyong sarili. 18 Sa gayo'y hindi
kami magsisitalikod sa iyo: buhayin mo kami, at tatawagan
namin ang iyong pangalan. 19 Papanumbalikin mo kami, Oh
Panginoong Dios ng mga hukbo; pasilangin mo ang iyong
mukha at maliligtas kami.

**81** Magsiawit kayo ng malakas sa Dios na ating kalakasan:
mangagkaingay kayo na may kagalakan sa Dios ni
Jacob, 2 Magsiawit kayo at dalhin ninyo rito ang pandereta,
ang masayang alpa sangpu ng salterio. 3 Magsihihip kayo
ng pakakak sa bagong buwan, sa kabilugan ng buwan, sa
ating dakilang kapistahan. 4 Sapagka't pinakapalatuntunan
sa Israel, ayos ng Dios ni Jacob. 5 Kaniyang inilagay na
pinakapatotoo sa Jose, nang siya'y lumabas na maglakbay
sa lupain ng Egipto: na aking kinaringgan ng wika na di
ko nauunawa. 6 Aking inihiwalay ang kaniyang balikat sa
pasan: ang mga kamay niya'y napabitiw sa luwelang. 7
Ikaw ay tumawag sa kabagabagan, at iniligtas kita; sinagot
kita sa lihim na dako ng kulog; sinubok kita sa tubig ng
Meriba. (Selah) 8 Dinggin mo, Oh bayan ko, at ako'y sasaksi
sa iyo: Oh Israel, kung ikaw ay makikinig sa akin! 9 Hindi
magkakaroon ng ibang dios sa iyo; at hindi ka man sasamba
sa anomang ibang dios. 10 Ako ang Panginoon mong
Dios, na naglabas sa iyo mula sa lupain ng Egipto: bukhin

mong maluwang ang iyong bibig, at aking pupunuin. 11
Nguni't hindi nakinig sa aking tinig ang bayan ko; at hindi
ako sinunod ng Israel. 12 Sa gayo'y aking pinasunod sa
pagmamatigas ng kanilang puso, upang sila'y makalakad sa
kanilang sariling mga payo. 13 Oh kung ako'y didinggin ng
aking bayan, kung ang Israel ay lalakad sa aking mga daan!
14 Aking pasusukuing madali ang kanilang mga kaaway, at
ibabalik ko ang aking kamay laban sa kanilang mga kaaway.
15 Ang mga mapagtanim sa Panginoon ay magsisisuko sa
kaniya: nguni't ang kanilang panahon ay mananatili kailan
man, 16 Kaniya ring pakakanin (sila) ng katabaan ng trigo: at
ng pulot na mula sa bato ay bubusugin kita.

**82** Ang Dios ay tumatayo sa kapisanan ng Dios; siya'y
humahatol sa gitna ng mga dios. 2 Hanggang kailan
magsisihatol kayo ng kalikuan, at magsisigalang sa mga
pagkatao ng masama? (Selah) 3 Hatulan mo ang dukha at
ulila: gawan mo ng kaganapan ang napipighati at walang
nagkakandili. 4 Sagipin mo ang dukha at mapagkailangan:
iligtas ninyo (sila) sa kamay ng masama, 5 Hindi nila
nalalaman, ni nauunawa man; sila'y nagsisilakad na paroo't
parito sa kadiliman: lahat ng patibayan ng lupa ay nangakilos.
6 Aking sinabi, Kayo'y mga dios, at kayong lahat ay mga
anak ng Kataastaasan. 7 Gayon ma'y mangamamatay
kayong parang mga tao, at mangabubuwal na parang isa
sa mga pangulo. 8 Bumangon ka, O Dios, hatulan mo ang
lupa: sapagka't iyong mamanahin ang lahat ng mga bansa.

**83** Oh Dios, huwag kang tumahimik: huwag kang
mapayapa, at tumiwasay, Oh Dios. 2 Sapagka't narito,
ang mga kaaway mo'y nanggugulo: at silang nangagtatanim
sa iyo ay nangagtaas ng ulo. 3 Sila'y nagsisitanggap
ng payong may katusuhan laban sa iyong bayan, at
nangagsanggunian laban sa iyong nangakakubli. 4 Kanilang
sinabi, Kayo'y parito, at atin silang ihiwalay sa pagkabansa;
upang ang pangalan ng Israel ay huwag nang maalaala pa.
5 Sapagka't sila'y nangagsangguniang magkakasama na
may isang pagkakaayon; laban sa iyo ay nangagtitipanan: 6
Ang mga tolda ng Edom at ng mga Ismaelita; ang Moab at
ang mga Agareno; 7 Ang Gebal, at ang Ammon, at ang
Amalec; ang Filisteo na kasama ng mga taga Tiro: 8 Pati ng
Asiria ay nalalakip sa kanila; kanilang tinulungan ang mga
anak ni Lot. 9 Gumawa ka sa kanila ng gaya sa Madianita;
gaya kay Sisara, gaya kay Jabin, sa ilog ng Cison: 10 Na
nangamatay sa Endor; sila'y naging parang dumi sa lupa. 11
Gawin mo ang kanilang mga maginoo na gaya ni Oreb at ni
Zeeb; Oo, lahat nilang mga pangulo ay gaya ni Zeba at ni
Zalmuna; 12 Na siyang nagsipagsabi, kunin natin para sa
atin na pinakaari ang mga tahanan ng Dios. 13 Oh Dios ko,
gawin mo silang parang ipoipong alabok; Parang dayami sa
harap ng hangin. 14 Parang apoy na sumusunog ng gubat,
at parang liyab na nanunupok ng mga bundok; 15 Kaya't
habulin mo (sila) ng iyong bagyo, at pangilabutin mo (sila)
ng iyong unos. 16 Lipusin mo ang kanilang mga mukha
ng kahihiyan; upang hanapin nila ang iyong pangalan, Oh
Panginoon. 17 Mangapahiya (sila) at manganglupaypay
magpakailan man; Oo, mangahiya (sila) at mangalipol: 18
Upang kanilang maalaman na ikaw lamang, na ang pangalan
ay JEHOVA, ay Kataastaasan sa buong lupa.

**84** Kay iinam ng iyong mga tabernakulo, Oh Panginoon
ng mga hukbo! 2 Ang kaluluwa ko'y aasamasam, oo,
nanglulupaypay sa mga looban ng Panginoon; ang puso
ko't laman ay dumadaing sa buhay na Dios. 3 Oo, ang
maya ay nakasumpong ng bahay, at ang langaylangayan
ay nagpugad para sa kaniya, na mapaglalapagan niya ng
kaniyang inakay, sa makatuwid baga'y iyong mga dambana,
Oh Panginoon ng mga hukbo, Hari ko, at Dios ko. 4 Mapalad
silang nagsisitahan sa iyong bahay: kanilang pupurihin kang
palagi. (Selah) 5 Mapalad ang tao na ang kalakasan ay
nasa iyo; na may mga daan sa kaniyang puso na tungo
sa Sion. 6 Na nagdaraan sa libis ng iyak na ginagawa
nilang dako ng mga bukal; Oo, tinatakpan ng pagpapala ng
maagang ulan. 7 Sila'y nagsisiyaon sa kalakasa't kalakasan,
bawa't isa sa kanila ay napakikita sa harap ng Dios sa
Sion. 8 Oh Panginoong Dios ng mga hukbo, dinggin mo ang
aking dalangin: pakinggan mo, Oh Dios ni Jacob. (Selah) 9
Masdan mo, Oh Dios na aming kalasag, at tingnan mo ang
mukha ng iyong pinahiran ng langis. 10 Sapagka't isang
araw sa iyong mga looban ay mabuti kay sa isang libo.
Aking minagaling na maging tagatanod-pinto sa bahay ng
aking Dios, kay sa tumahan sa mga tolda ng kasamaan. 11
Sapagka't ang Panginoong Dios ay araw at kalasag: ang
Panginoo'y magbibigay ng biyaya at kaluwalhatian: hindi
siya magkakait ng anomang mabuting bagay sa nagsisilakad
ng matuwid. 12 Oh Panginoon ng mga hukbo, mapalad ang
tao na tumitiwala sa iyo.

**85** Panginoon, ikaw ay naging lingap sa iyong lupain:
iyong ibinalik ang nangabihag ng Jacob. 2 Iyong
pinatawad ang kasamaan ng iyong bayan, iyong tinakpan
ang lahat nilang kasalanan, (Selah) 3 Iyong pinawi ang
buong poot mo: iyong tinalikdan ang kabangisan ng iyong
galit. 4 Ibalik mo kami, Oh Dios ng aming kaligtasan, at
papaglikatin mo ang iyong galit sa amin. 5 Magagalit ka ba
sa amin magpakailan man? Iyo bang ipagpapatuloy ang
iyong galit sa lahat ng sali't saling lahi? 6 Hindi mo ba
kami bubuhayin uli: upang ang iyong bayan ay magalak sa
iyo? 7 Ipakita mo sa amin ang iyong kagandahang-loob, Oh
Panginoon, at ipagkaloob mo sa amin ang iyong pagliligtas.

**8** Aking pakikinggan kung ano ang sasalitain ng Dios na
Panginoon: sapagka't siya'y magsasalita ng kapayapaan sa
kaniyang bayan at sa kaniyang mga banal: nguni't huwag
silang manumbalik uli sa kaululan. **9** Tunay na ang kaniyang
pagliligtas ay malapit sa kanila na nangatatakot sa kaniya;
upang ang kaluwalhatian ay tumahan sa aming lupain. **10**
Kaawaan at katotohanan ay nagsalubong; katuwiran at
kapayapaan ay naghalikan. **11** Katotohanan ay bumubukal
sa lupa; at ang katuwiran ay tumungo mula sa langit. **12** Oo,
ibibigay ng Panginoon ang mabuti; at ang ating lupain ay
maguunlad ng kaniyang bunga. **13** Katuwira'y mangunguna
sa kaniya; at gagawing daan ang kaniyang mga bakas.

**86** Ikiling mo ang iyong pakinig, Oh Panginoon, at sagutin
mo ako; sapagka't ako'y dukha at mapagkailangan.
**2** Ingatan mo ang aking kaluluwa; sapagka't ako'y banal:
Oh ikaw na Dios ko, iligtas mo ang iyong lingkod na
tumitiwala sa iyo. **3** Maawa ka sa akin, Oh Panginoon,
sapagka't sa iyo'y dumadaing ako buong araw. **4** Bigyan
mong galak ang kaluluwa ng iyong lingkod; sapagka't sa iyo,
Oh Panginoon, itinataas ko ang aking kaluluwa. **5** Sapagka't
ikaw, Panginoon, ay mabuti, at mapagpatawad, at sagana sa
kagandahang-loob sa lahat na tumatawag sa iyo. **6** Dinggin
mo, Oh Panginoon, ang aking dalangin; at pakinggan mo
ang tinig ng aking mga pananaing. **7** Sa kaarawan ng
aking kabagabagan ay tatawag ako sa iyo; sapagka't iyong
sasagutin ako. **8** Walang gaya mo sa gitna ng mga dios,
Oh Panginoon; wala mang mga gawang gaya ng iyong
mga gawa. **9** Lahat ng mga bansa na iyong nilalang ay
magsisiparito, at magsisisamba sa harap mo, Oh Panginoon;
at kanilang luluwalhatiin ang iyong pangalan. **10** Sapagka't
ikaw ay dakila, at gumagawa ng kagilagilalas na mga bagay:
ikaw na magisa ang Dios. **11** Ituro mo sa akin ang iyong
daan, Oh Panginoon; lalakad ako sa iyong katotohanan:
ilakip mo ang aking puso sa pagkatakot sa iyong pangalan.
**12** Pupurihin kita, Oh Panginoon kong Dios ng aking buong
puso; at luluwalhatiin ko ang iyong pangalan magpakailan
man. **13** Sapagka't dakila ang iyong kagandahang-loob sa
akin; at iyong iniligtas ang aking kaluluwa sa pinakamalalim
na Sheol. **(Sheol h7585)** **14** Oh Dios, ang palalo ay bumangon
laban sa akin, at ang kapisanan ng mga marahas na tao
ay umusig ng aking kaluluwa, at hindi inilagay ka sa harap
nila. **15** Nguni't ikaw, Oh Panginoon, ay Dios na puspos
ng kahabagan at mapagbiyaya, banayad sa pagkagalit, at
sagana sa kagandahang-loob at katotohanan. **16** Oh bumalik
ka sa akin, at maawa ka sa akin; ibigay mo ang lakas mo sa
iyong lingkod. At iligtas mo ang anak ng iyong lingkod na
babae. **17** Pagpakitaan mo ako ng tanda sa ikabubuti: upang
mangakita nilang nangagtatanim sa akin, at mangapahiya,
sapagka't ikaw, Panginoon, ay tumulong sa akin, at umaliw
sa akin.

**87** Ang kaniyang patibayan ay nasa mga banal na bundok.
**2** Minahal ng Panginoon ang mga pintuang-bayan
ng Sion, ng higit kay sa lahat na tahanan ng Jacob. **3**
Maluwalhating mga bagay ang sinalita tungkol sa iyo, Oh
bayan ng Dios. (Selah) **4** Aking babanggitin ang Rahab
at ang Babilonia na kasama ng mga nakakakilala sa akin:
narito, ang Filistia at ang Tiro, pati ng Etiopia; ang isang ito
ay ipinanganak diyan. **5** Oo, tungkol sa Sion ay sasabihin,
ang isang ito at ang isang yaon ay ipinanganak sa kaniya; at
itatatag siya ng Kataastaasan. **6** Sasalaysayin ng Panginoon,
pagka kaniyang isinulat ang mga bayan, ang isang ito ay
ipinanganak diyan. (Selah) **7** Silang nagsisiawit na gaya ng
nagsisisayaw ay mangagsasabi, lahat ng aking mga bukal
ay nangasa iyo.

**88** Oh Panginoon, na Dios ng aking kaligtasan, ako'y
dumaing araw at gabi sa harap mo: **2** Masok ang aking
dalangin sa iyong harapan: ikiling mo ang iyong pakinig
sa aking daing: **3** Sapagka't ang aking kaluluwa ay lipos
ng mga kabagabagan, at ang aking buhay ay nalalapit sa
Sheol, **(Sheol h7585)** **4** Ako'y nabilang sa kanila na nagsisibaba
sa hukay; ako'y parang taong walang lakas: **5** Nakahagis
sa gitna ng mga patay, gaya ng napatay na nakahiga sa
libingan, na hindi mo na inaalaala; at sila'y mangahiwalay
sa iyong kamay. **6** Iyong inilapag ako sa pinakamalalim
na hukay, sa mga madilim na dako, sa mga kalaliman.
**7** Lubhang idinidiin ako ng iyong poot, at iyong pinighati
ako ng lahat mong mga alon. (Selah) **8** Iyong inilayo sa
akin ang kakilala ko; iyong ginawa akong kasuklamsuklam
sa kanila: ako'y nakulong at hindi ako makalabas, **9** Ang
mata ko'y nangangalumata dahil sa kadalamhatian: ako'y
tumawag araw-araw sa iyo, Oh Panginoon, aking iginawad
ang mga kamay ko sa iyo. **10** Magpapakita ka ba ng mga
kababalaghan sa mga patay? (Sila) bang mga patay ay
magsisibangon, at magsisipuri sa iyo? (Selah) **11** Ang iyo
bang kagandahang-loob ay ipahahayag sa libingan? O
ang iyong pagtatapat sa kagibaan? **12** Malalaman ba ang
mga kababalaghan mo sa dilim? At ang katuwiran mo sa
lupain ng pagkalimot? **13** Nguni't sa iyo, Oh Panginoon,
dumaing ako, at sa kinaumagahan ay darating ang dalangin
ko sa harap mo. **14** Panginoon, bakit mo itinatakuwil ang
kaluluwa ko? Bakit mo ikinukubli ang iyong mukha sa akin?
**15** Ako'y nadadalamhati, at handang mamatay mula sa aking
kabataan: habang aking tinitiis ang iyong mga kakilakilabot
na bagay ay nakakalingat ako. **16** Ang iyong mabangis
na poot ay dumaan sa akin; inihiwalay ako ng iyong mga
kakilakilabot na bagay. **17** Kanilang kinulong ako na parang

tubig buong araw; kinubkob ako nilang magkakasama. 18
Mangliligaw at kaibigan ay inilayo mo sa akin, at ang aking
kakilala ay sa dilim.

**89** Aking aawitin ang kagandahang-loob ng Panginoon
magpakailan man: aking ipababatid ng aking bibig ang
iyong pagtatapat sa lahat ng sali't saling lahi. 2 Sapagka't
aking sinabi, Kaawaan ay matatayo magpakailan man: ang
pagtatapat mo'y iyong itatatag sa mga kalangitlangitan. 3
Ako'y nakipagtipan sa aking hirang, aking isinumpa kay David
na aking lingkod; 4 Ang binhi mo'y itatatag ko magpakailan
man, at aking itatayo ang luklukan mo sa lahat ng sali't
saling lahi. (Selah) 5 At pupurihin ng langit ang iyong mga
kababalaghan, Oh Panginoon; ang pagtatapat mo naman sa
kapulungan ng mga banal. 6 Sapagka't sino sa langit ang
maitutulad sa Panginoon? Sino sa gitna ng mga anak ng
makapangyarihan ang gaya ng Panginoon, 7 Isang Dios na
kakilakilabot sa kapulungan ng mga banal, at kinatatakutan
ng higit sa lahat na nangasa palibot niya? 8 Oh Panginoong
Dios ng mga hukbo, sino ang makapangyarihang gaya
mo, Oh JAH? At ang pagtatapat mo'y nasa palibot mo.
9 Iyong pinagpupunuan ang kapalaluan sa dagat: pagka
nagsisibangon ang mga alon niyaon ay pinatatahimik mo.
10 Iyong pinagwaraywaray ang Rahab na parang napatay;
iyong pinangalat ang iyong mga kaaway ng bisig ng iyong
kalakasan. 11 Ang langit ay iyo, ang lupa ay iyo rin: ang
sanglibutan at ang buong narito ay iyong itinatag, 12 Ang
hilagaan at ang timugan ay iyong nilikha; ang Tabor at
ang Hermon ay nangagagalak sa iyong pangalan. 13
Ikaw ay may makapangyarihang bisig: malakas ang iyong
kamay, at mataas ang iyong kanang kamay. 14 Katuwiran at
kahatulan ay patibayan ng iyong luklukan: kagandahang-loob
at katotohanan ay nagpapauna sa iyong mukha. 15 Mapalad
ang bayan na nakakaalam ng masayang tunog: sila'y
nagsisilakad, Oh Panginoon, sa liwanag ng iyong mukha. 16
Sa iyong pangalan ay nangagagalak (sila) buong araw: at sa
iyong katuwiran ay nangatataas (sila) 17 Sapagka't ikaw
ang kaluwalhatian ng kanilang kalakasan: at sa iyong lingap
ay matataas ang aming sungay. 18 Sapagka't ang aming
kalasag ay ukol sa Panginoon; at ang aming hari ay sa banal
ng Israel. 19 Nang magkagayo'y nagsalita ka sa pangitain sa
iyong mga banal, at iyong sinabi, Aking ipinagkatiwala ang
saklolo sa isang makapangyarihan; Aking itinaas ang isang
hirang mula sa bayan. 20 Aking nasumpungan si David
na aking lingkod; Aking pinahiran siya ng aking banal na
langis: 21 Na siyang itatatag ng aking kamay; palakasin
naman siya ng aking bisig. 22 Hindi dadahas sa kaniya ang
kaaway; ni dadalamhatiin man siya ng anak ng kasamaan.
23 At ibubuwal ko ang kaniyang mga kaaway sa harap niya,
at sasaktan ko ang nangagtatanim sa kaniya. 24 Nguni't
ang pagtatapat ko at ang kagandahang-loob ko ay sasa
kaniya; at sa pangalan ko'y matataas ang kaniyang sungay.
25 Akin namang ilalapag ang kaniyang kamay sa dagat, at
ang kaniyang kanan ay sa mga ilog. 26 Siya'y dadaing sa
akin, Ikaw ay Ama ko, Dios ko, at malaking bato ng aking
kaligtasan. 27 Akin namang gagawin siyang panganay ko,
na pinakamataas sa mga hari sa lupa. 28 Ang kagandahang-
loob ko'y aking iingatan sa kaniya magpakailan man, at
ang tipan ko'y mananayong matibay sa kaniya. 29 Ang
kaniya namang binhi ay pananatilihin ko magpakailan man,
at ang luklukan niya'y parang mga araw ng langit. 30 Kung
pabayaan ng kaniyang mga anak ang kautusan ko, at hindi
magsilakad sa aking mga kahatulan; 31 Kung kanilang
salangsangin ang mga palatuntunan ko, at hindi ingatan
ang mga utos ko; 32 Kung magkagayo'y aking dadalawin
ng pamalo ang kanilang mga pagsalangsang, at ng mga
hampas ang kanilang kasamaan. 33 Nguni't ang aking
kagandahang-loob ay hindi ko lubos na aalisin sa kaniya, ni
akin mang titiisin na ang pagtatapat ko'y magkulang. 34
Ang tipan ko'y hindi ko sisirain, ni akin mang babaguhin
ang bagay na lumabas sa aking mga labi. 35 Minsan ay
sumampa ako sa pamamagitan ng aking kabanalan. Hindi
ako magbubulaan kay David; 36 Ang kaniyang binhi ay
mananatili magpakailan man; at ang kaniyang luklukan
ay parang araw sa harap ko. 37 Matatatag magpakailan
man na parang buwan, at tapat na saksi sa langit. (Selah)
38 Nguni't iyong itinakuwil at tinanggihan, ikaw ay napoot
sa iyong pinahiran ng langis. 39 Iyong kinayamutan ang
tipan ng iyong lingkod: iyong nilapastangan ang kaniyang
putong sa pagtatapon sa lupa. 40 Iyong ibinuwal ang lahat
niyang mga bakod: iyong dinala sa pagkaguho ang kaniyang
mga katibayan. 41 Lahat na nagsisidaan sa lansangan
ay nagsisisamsam sa kaniya. Siya'y naging kadustaan
sa kaniyang mga kalapit. 42 Iyong itinaas ang kanan ng
kaniyang mga kaaway; iyong pinagalak ang lahat niyang mga
kaaway. 43 Oo, iyong ibinaligtad ang talim ng kaniyang tabak,
at hindi mo itinayo siya sa pakikibaka. 44 Iyong pinapaglikat
ang kaniyang kakinangan. At iyong ibinagsak ang kaniyang
luklukan sa lupa. 45 Iyong pinaikli ang mga kaarawan ng
kaniyang kabinataan: iyong tinakpan siya ng kahihiyan.
(Selah) 46 Hanggang kailan, Oh Panginoon, magkukubli
ka magpakailan man? Hanggang kailan magniningas ang
iyong poot na parang apoy? 47 Oh alalahanin mo kung
gaano kaikli ang aking panahon: sa anong pagkawalang
kabuluhan nilalang mo ang lahat ng mga anak ng mga
tao. 48 Sinong tao ang mabubuhay at hindi makakakita
ng kamatayan, na magliligtas ng kaniyang kaluluwa sa
kapangyarihan ng Sheol? (Selah) **(Sheol h7585)** 49 Panginoon,
saan nandoon ang iyong dating mga kagandahang-loob, na

iyong isinumpa kay David sa iyong pagtatapat? **50** Alalahanin
mo Panginoon, ang kadustaan ng iyong mga lingkod; kung
paanong taglay ko sa aking sinapupunan ang pagdusta
ng lahat na makapangyarihang bayan; **51** Na idinusta ng
iyong mga kaaway, Oh Panginoon, na kanilang idinusta sa
mga bakas ng iyong pinahiran ng langis. **52** Purihin ang
Panginoon, magpakailan man. Siya nawa, at Siya nawa.

**90** Panginoon, ikaw ay naging tahanang dako namin sa
lahat ng sali't saling lahi. **2** Bago nalabas ang mga
bundok, O bago mo nilikha ang lupa at ang sanglibutan, mula
nga ng walang pasimula hanggang sa walang hanggan,
ikaw ang Dios. **3** Iyong pinapagiging kapahamakan ang
tao; at iyong sinasabi, Magsipanumbalik kayo, kayong mga
anak ng mga tao. **4** Sapagka't isang libong taon sa iyong
paningin ay parang kahapon lamang nang makaraan, at
parang pagpupuyat sa gabi. **5** Iyong dinadala (sila) na
parang baha; sila'y parang pagkakatulog: sa kinaumagahan
ay parang damo (sila) na tumutubo. **6** Sa kinaumagahan ay
namumulaklak at lumalago; sa kinahapunan ay pinuputol at
natutuyo. **7** Sapagka't kami ay nangasupok sa iyong galit,
at sa iyong poot ay nangabagabag kami. **8** Iyong inilagay
ang aming kasamaan sa harap mo, ang aming lihim na
mga kasalanan sa liwanag ng iyong mukha. **9** Sapagka't
lahat naming kaarawan ay dumaan sa iyong poot: aming
niwawakasan ang aming mga taon na parang isang buntong
hininga. **10** Ang mga kaarawan ng aming mga taon ay pitong
pung taon, o kung dahil sa kalakasan ay umaabot ng walong
pung taon; gayon ma'y ang kanilang kapalaluan ay hirap at
kapanglawan lamang; sapagka't madaling napapawi, at kami
ay nagsisilipad. **11** Sinong nakakaalam ng kapangyarihan ng
iyong galit, at ng iyong poot ayon sa katakutan na marapat
sa iyo? **12** Kaya ituro mo sa amin ang pagbilang ng aming
mga kaarawan, upang kami ay mangagtamo sa amin ng
pusong may karunungan. **13** Manumbalik ka, Oh Panginoon;
hanggang kailan pa? At iyong papagsisihin ang tungkol sa
mga lingkod mo. **14** Oh busugin mo kami sa kinaumagahan
ng iyong kagandahang-loob; upang kami ay mangagalak
at mangatuwa sa lahat ng kaarawan namin. **15** Pasayahin
mo kami ayon sa mga kaarawan na iyong idinalamhati sa
amin, at sa mga taon na aming ikinakita ng kasamaan. **16**
Mahayag nawa ang iyong gawa sa iyong mga lingkod, at ang
kaluwalhatian mo sa kanilang mga anak. **17** At sumaamin
nawa ang kagandahan ng Panginoong aming Dios: at iyong
itatag sa amin ang gawa ng aming mga kamay; Oo, ang
gawa ng aming mga kamay ay itatag mo.

**91** Siyang tumatahan sa lihim na dako ng Kataastaasan.
Ay mananatili sa lilim ng Makapangyarihan sa lahat.
**2** Aking sasabihin tungkol sa Panginoon, siya'y aking
kanlungan at aking katibayan, ang Dios ko na siyang aking
tinitiwalaan. **3** Sapagka't kaniyang ililigtas ka sa silo ng
paninilo, at sa mapamuksang salot. **4** Kaniyang tatakpan
ka ng kaniyang mga bagwis, at sa ilalim ng kaniyang mga
pakpak ay manganganlong ka: ang kaniyang katotohanan ay
kalasag at baluti. **5** Ikaw ay hindi matatakot sa kakilabutan
sa gabi, ni sa pana man na humihilagpos kung araw; **6** Dahil
sa salot na dumarating sa kadiliman, ni dahil sa paggiba
man na sumisira sa katanghaliang tapat. **7** Isang libo ay
mabubuwal sa iyong siping, at sangpung libo sa iyong kanan;
nguni't hindi lalapit sa iyo. **8** Iyong mamamasdan lamang ng
iyong mga mata, at iyong makikita ang ganti sa masama. **9**
Sapagka't ikaw, Oh Panginoon, ay aking kanlungan! Iyong
ginawa ang Kataastaasan na iyong tahanan; **10** Walang
kasamaang mangyayari sa iyo, ni anomang salot ay lalapit
sa iyong tolda. **11** Sapagka't siya'y magbibilin sa kaniyang
mga anghel tungkol sa iyo, upang ingatan ka sa lahat ng
iyong mga lakad. **12** Kanilang dadalhin ka sa kanilang mga
kamay, baka matisod ka ng iyong paa sa isang bato. **13**
Iyong yayapakan ang leon at ang ulupong: ang batang
leon at ang ahas ay yuyurakan mo ng iyong mga paa.
**14** Sapagka't kaniyang inilagak ang kaniyang pagibig sa
akin, kaya't iniligtas ko siya: aking ilalagay siya sa mataas,
sapagka't kaniyang naalaman ang pangalan ko. **15** Siya'y
tatawag sa akin, at sasagutin ko siya; ako'y sasa kaniya sa
kabagabagan: aking ililigtas siya, at pararangalan siya. **16**
Aking bubusugin siya ng mahabang buhay, at ipakikita ko sa
kaniya ang aking pagliligtas.

**92** Isang mabuting bagay ang magpapasalamat sa
Panginoon, at umawit ng mga pagpuri sa iyong
pangalan, Oh Kataastaasan: **2** Upang magpakilala ng
iyong kagandahang-loob sa umaga, at ng iyong pagtatapat
gabigabi. **3** Na may panugtog na may sangpung kawad, at
may salterio; na may dakilang tunog na alpa. **4** Sapagka't
ikaw, Panginoon, iyong pinasaya ako sa iyong gawa: ako'y
magtatagumpay sa mga gawa ng iyong mga kamay. **5**
Kay dakila ng iyong mga gawa, Oh Panginoon! Ang iyong
mga pagiisip ay totoong malalim. **6** Ang taong hangal ay
hindi nakakaalam; ni nauunawa man ito ng mangmang. **7**
Pagka ang masama ay lumilitaw na parang damo, at pagka
gumiginhawa ang lahat na manggagawa ng kasamaan; ay
upang mangalipol (sila) magpakailan man: **8** Nguni't ikaw, Oh
Panginoon, ay mataas magpakailan man. **9** Sapagka't, narito,
ang mga kaaway mo, Oh Panginoon, sapagka't, narito, ang
mga kaaway mo'y malilipol; lahat ng mga manggagawa ng
kasamaan ay mangangalat. **10** Nguni't ang sungay ko'y
iyong pinataas na parang sungay ng mailap na toro: ako'y
napahiran ng bagong langis. **11** Nakita naman ng aking
mata ang nasa ko sa aking mga kaaway, narinig ng aking

pakinig ang nasa ko sa mga manggagawa ng kasamaan na nagsisibangon laban sa akin. 12 Ang matuwid ay giginhawa na parang puno ng palma. Siya'y tutubo na parang cedro sa Libano. 13 Sila'y nangatatag sa bahay ng Panginoon; sila'y giginhawa sa mga looban ng aming Dios. 14 Sila'y mangagbubunga sa katandaan; sila'y mapupuspos ng katas at kasariwaan: 15 Upang ipakilala na ang Panginoon ay matuwid; siya'y aking malaking bato, at walang kalikuan sa kaniya.

**93** Ang Panginoon ay naghahari; siya'y nananamit ng karilagan; ang Panginoon ay nananamit ng kalakasan; siya'y nagbigkis niyaon: ang sanglibutan naman ay natatag, na hindi mababago. 2 Ang luklukan mo'y natatag ng una: ikaw ay mula sa walang pasimula. 3 Ang mga baha ay nagtaas, Oh Panginoon, ang mga baha ay nagtaas ng kanilang hugong; ang mga baha ay nagtaas ng kanilang mga alon. 4 Ng higit sa mga hugong ng maraming tubig, malalakas na hampas ng alon sa dagat, ang Panginoon sa itaas ay makapangyarihan. 5 Ang iyong mga patotoo ay totoong tunay: ang kabanalan ay nararapat sa iyong bahay, Oh Panginoon, magpakailan man.

**94** Oh Panginoon, ikaw na Dios na kinauukulan ng panghihiganti, ikaw na Dios na kinauukulan ng panghihiganti, sumilang ka. 2 Bumangon ka, ikaw na hukom ng lupa: ibigay mo sa palalo ang panghihiganti sa kanila. 3 Panginoon, hanggang kailan ang masama, hanggang kailan magtatagumpay ang masama? 4 Sila'y dumadaldal, sila'y nagsasalita na may kapalaluan: lahat na manggagawa ng kasamaan ay nangagmamalaki. 5 Kanilang pinagwawaraywaray ang iyong bayan, Oh Panginoon, at dinadalamhati ang iyong mana. 6 Kanilang pinapatay ang bao at ang taga ibang lupa, at pinapatay ang ulila. 7 At kanilang sinasabi, ang Panginoo'y hindi makakakita, ni pakukundanganan man ng Dios ni Jacob ito. 8 Gunitain ninyo, ninyong mga hangal sa gitna ng bayan: at ninyong mga mangmang, kailan tayo magiging pantas? 9 Siyang lumikha ng pakinig, hindi ba siya makakarinig? Siyang lumikha ng mata, hindi ba siya makakakita? 10 Siyang nagpaparusa sa mga bansa, hindi ba siya sasaway, sa makatuwid baga'y siyang nagtuturo sa tao ng kaalaman? 11 Nalalaman ng Panginoon ang mga pagiisip ng tao, na sila'y pawang walang kabuluhan. 12 Mapalad ang tao na iyong pinarurusahan, Oh Panginoon, at tinuturuan mo sa iyong kautusan. 13 Upang iyong mabigyan ng kapahingahan sa mga kaarawan ng kasakunaan, hanggang sa mahukay ang hukay na ukol sa masama. 14 Sapagka't hindi itatakuwil ng Panginoon ang kaniyang bayan, ni pababayaan man niya ang kaniyang mana. 15 Sapagka't kahatulan ay babalik sa katuwiran: at susundan ng lahat na matuwid sa puso. 16 Sino ang babangon dahil sa akin laban sa mga manggagawa ng kasamaan? Sinong tatayo dahil sa akin laban sa mga manggagawa ng kasamaan? 17 Kundi ang Panginoon ay naging aking katulong, ang kaluluwa ko'y tumahang madali sana sa katahimikan. 18 Nang aking sabihin, Ang aking paa ay natitisod; inalalayan ako ng iyong kagandahang-loob, Oh Panginoon. 19 Sa karamihan ng aking mga pagiisip sa loob ko ang iyong mga pagaliw ay nagbibigay lugod sa aking kaluluwa. 20 Makikisama ba sa iyo ang luklukan ng kasamaan, na nagaanyo ng pagapi sa pamamagitan ng palatuntunan? 21 Sila'y nagpipisan laban sa kaluluwa ng matuwid, at pinarusahan nila ang walang salang dugo. 22 Nguni't ang Panginoon ay naging aking matayog na moog; at ang Dios ko'y malaking bato na aking kanlungan. 23 At dinala niya sa kanila ang kanilang sariling kasamaan, at ihihiwalay niya (sila) sa kanilang sariling kasamaan; ihihiwalay (sila) ng Panginoon naming Dios.

**95** Oh magsiparito kayo, tayo'y magsiawit sa Panginoon: tayo'y magkaingay na may kagalakan sa malaking bato na ating kaligtasan. 2 Tayo'y magsiharap sa kaniyang harapan na may pagpapasalamat, tayo'y magkaingay na may kagalakan sa kaniya na may mga pagaawitan. 3 Sapagka't ang Panginoon ay dakilang Dios, at dakilang Hari sa lahat ng mga dios, 4 Na sa kaniyang kamay ang mga malalim na dako ng lupa, ang mga kataasan ng mga bundok ay kaniya rin. 5 Ang dagat ay kaniya, at kaniyang ginawa: at ang kaniyang mga kamay ay lumikha ng tuyong lupa. 6 Oh magsiparito kayo, tayo'y magsisamba at magsiyukod; tayo'y magsiluhod sa harap ng Panginoon na May-lalang sa atin. 7 Sapagka't siya'y ating Dios, at tayo'y bayan ng kaniyang pastulan, at mga tupa ng kaniyang kamay. Ngayon, kung inyong didinggin ang kaniyang tinig! 8 Huwag ninyong papagmatigasin ang inyong puso, gaya sa Meriba, gaya sa kaarawan ng Masa sa ilang: 9 Nang tuksuhin ako ng inyong mga magulang, tinikman ako, at nakita ang gawa ko. 10 Apat na pung taong namanglaw ako sa lahing yaon, at aking sinabi, Bayan na nagkakamali sa kanilang puso. At hindi naalaman ang aking mga daan: 11 Kaya't ako'y sumumpa sa aking poot, na sila'y hindi magsisipasok sa aking kapahingahan.

**96** Oh magsiawit kayo sa Panginoon ng bagong awit: magsiawit kayo sa Panginoon, buong lupa. 2 Magsiawit kayo sa Panginoon, purihin ninyo ang pangalan niya; ihayag ninyo ang kaniyang pagliligtas sa araw-araw. 3 Ipahayag ninyo ang kaniyang kaluwalhatian sa mga bansa ang kagilagilalas niyang mga gawa sa lahat ng mga bayan. 4 Sapagka't dakila ang Panginoon, at marapat na purihin:

siya'y kinatatakutang higit kay sa lahat na dios. 5 Sapagka't
lahat ng mga dios sa mga bayan ay mga diosdiosan.
Nguni't nilikha ng Panginoon ang langit. 6 Karangalan at
kamahalan ay nasa harap niya: kalakasan at kagandahan ay
nasa kaniyang santuario. 7 Magbigay kayo sa Panginoon,
kayong mga angkan ng mga bayan, magbigay kayo sa
Panginoon ng kaluwalhatian at kalakasan. 8 Magbigay
kayo sa Panginoon ng kaluwalhatiang ukol sa kaniyang
pangalan; kayo'y mangagdala ng handog, at magsipasok
kayo sa kaniyang mga looban. 9 Oh sambahin ninyo ang
Panginoon sa kagandahan ng kabanalan: manginig kayo
sa harap niya, buong lupa. 10 Sabihin ninyo sa gitna ng
mga bansa, ang Panginoon ay naghahari: ang sanglibutan
naman ay natatatag na hindi makikilos: kaniyang hahatulan
ng karapatan ang mga bayan. 11 Matuwa ang langit at
magalak ang lupa; humugong ang dagat, at ang buong
naroon; 12 Sumaya ang bukiran at lahat na nasa kaniya;
kung magkagayo'y aawit dahil sa kagalakan, ang lahat
na punong kahoy sa gubat; 13 Sa harap ng Panginoon;
sapagka't siya'y dumarating: sapagka't siya'y dumarating
upang hatulan ang lupa: kaniyang hahatulan ng katuwiran
ang sanglibutan, at ng kaniyang katotohanan ang mga
bayan.

97 Ang Panginoon ay naghahari; magalak ang lupa;
matuwa ang karamihan ng mga pulo. 2 Mga ulap at
kadiliman ay nasa palibot niya: katuwiran at kahatulan ay
patibayin ng kaniyang luklukan. 3 Apoy ay nagpapauna
sa kaniya, at sinusunog ang kaniyang kaaway sa buong
palibot. 4 Tumatanglaw ang mga kidlat niya sa sanglibutan:
nakita ng lupa, at niyanig. 5 Ang mga bundok ay natunaw
na parang pagkit sa harap ng Panginoon, sa harapan
ng Panginoon ng buong lupa. 6 Ipinahahayag ng langit
ang kaniyang katuwiran, at nakita ng lahat na bayan
ang kaniyang kaluwalhatian. 7 Mangahiya silang lahat na
nangaglilingkod sa mga larawan, nangaghahambog tungkol
sa mga diosdiosan: kayo'y magsisamba sa kaniya kayong
lahat na mga dios. 8 Narinig ng Sion, at natuwa, at ang
mga anak na babae ng Juda ay nangagalak; dahil sa
iyong mga kahatulan, Oh Panginoon. 9 Sapagka't ikaw, Oh
Panginoon, ay kataastaasan sa buong lupa: ikaw ay nataas
na totoong higit kay sa lahat na mga dios. 10 Oh kayong
nagsisiibig sa Panginoon, ipagtanim ninyo ang kasamaan.
Kaniyang iniingatan ang mga kaluluwa ng kaniyang mga
banal; kaniyang iniligtas (sila) sa kamay ng masama. 11
Liwanag ang itinanim na ukol sa mga banal, at kasayahan ay
sa may matuwid na puso. 12 Mangatuwa kayo sa Panginoon,
kayong mga matuwid; at mangagpasalamat sa kaniyang
banal na pangalan.

98 Oh magsiawit kayo sa Panginoon ng bagong awit;
sapagka't siya'y gumawa ng mga kagilagilalas na
bagay: ang kaniyang kanan at ang kaniyang banal na bisig
ay gumawa ng kaligtasan para sa kaniya: 2 Ipinakilala ng
Panginoon ang kaniyang pagliligtas: ang kaniyang katuwiran
ay ipinakilala niyang lubos sa paningin ng mga bansa. 3
Kaniyang inalaala ang kaniyang kagandahang-loob at ang
kaniyang pagtatapat sa bahay ng Israel: nakita ng lahat
ng mga wakas ng lupa ang pagliligtas ng aming Dios. 4
Magkaingay kayo na may kagalakan sa Panginoon, buong
lupa. Mangagpasimula at magsiawit dahil sa kagalakan,
oo, magsiawit kayo ng mga pagpuri. 5 Magsiawit kayo sa
Panginoon ng mga pagpuri ng alpa; ng alpa at ng tinig na
tugma. 6 Ng mga pakakak at tunog ng corneta magkaingay
kayo na may kagalakan sa harap ng Hari, ng Panginoon. 7
Humugong ang dagat at ang buong naroon; ang sanglibutan
at ang nagsisitahan doon; 8 Ipakpak ng mga baha ang
kanilang mga kamay; magawitan ang mga burol dahil sa
kagalakan; 9 Sa harap ng Panginoon, sapagka't siya'y
dumarating upang hatulan ang lupa: kaniyang hahatulan ng
katuwiran ang sanglibutan, at ng karapatan ang mga bayan.

99 Ang Panginoon ay naghahari: manginig ang mga
bayan. Siya'y nauupo sa mga querubin; makilos ang
lupa. 2 Ang Panginoon ay dakila sa Sion; at siya'y mataas
na higit sa lahat ng mga bayan. 3 Purihin nila ang iyong
dakila at kakilakilabot na pangalan: siya'y banal. 4 Ang lakas
naman ng hari ay umiibig ng kahatulan; ikaw ay nagtatatag
ng karampatan, ikaw ay nagsasagawa ng kahatulan at
katuwiran sa Jacob. 5 Ibunyi ninyo ang Panginoon nating
Dios, at magsisamba kayo sa harap ng kaniyang tungtungan;
siya'y banal. 6 Si Moises at si Aaron sa gitna ng kaniyang
mga saserdote, at si Samuel sa kanila na nagsisitawag sa
kaniyang pangalan; sila'y nagsisitawag sa Panginoon, at
siya'y sumasagot sa kanila. 7 Siya'y nagsasalita sa kanila sa
haliging ulap: kanilang iniingatan ang kaniyang mga patotoo,
at ang palatuntunan na ibinigay niya sa kanila. 8 Sumagot
ka sa kanila, Oh Panginoon naming Dios; ikaw ay Dios na
nagpatawad sa kanila, bagaman nanghiganti ka sa kanilang
mga gawa. 9 Ibunyi ninyo ang Panginoon nating Dios, at
magsisamba kayo sa kaniyang banal na bundok; sapagka't
ang Panginoon nating Dios ay banal.

100 Magkaingay kayo na may kagalakan sa Panginoon,
kayong lahat na lupain. 2 Mangaglingkod kayo na
may kasayahan sa Panginoon; magsilapit kayo sa kaniyang
harapan na may awitan. 3 Alamin ninyo na ang Panginoon
ay siyang Dios; siya ang lumalang sa atin, at tayo'y kaniya:
tayo'y kaniyang bayan, at mga tupa ng kaniyang pastulan. 4
Magsipasok kayo sa kaniyang mga pintuang-daan na may

pagpapasalamat, at sa kaniyang looban na may pagpupuri:
mangagpasalamat kayo sa kaniya, at purihin ninyo ang
kaniyang pangalan. 5 Sapagka't ang Panginoon ay mabuti;
ang kaniyang kagandahang-loob ay magpakailan man; at
ang kaniyang pagtatapat ay sa lahat ng sali't saling lahi.

**101** Aking aawitin ang kagandahang-loob at kahatulan:
sa iyo, Oh Panginoon, aawit ako ng mga pagpupuri.
2 Ako'y magpapakapantas sa sakdal na lakad: Oh kailan ka
pasasa akin? Ako'y lalakad sa loob ng aking bahay na may
sakdal na puso. 3 Hindi ako maglalagay ng hamak na bagay
sa harap ng aking mga mata: aking ipinagtanim ang gawa
nilang lisya: hindi kakapit sa akin. 4 Ang suwail na puso
ay hihiwalay sa akin: hindi ako makakaalam ng masamang
bagay. 5 Ang sumisirang puri na lihim sa kaniyang kapuwa
ay aking ibubuwal: siya na may mapagmataas na tingin at
may palalong puso ay hindi ko titiisin. 6 Ang mga mata ko'y
itititig ko sa mga tapat sa lupain, upang sila'y makatahan na
kasama ko: siya na lumalakad sa sakdal na daan, siya'y
mangangasiwa sa akin. 7 Siyang gumagawa ng karayaan ay
hindi tatahan sa loob ng aking bahay: siyang nagsasalita ng
kabulaanan ay hindi matatatag sa harap ng aking mga mata.
8 Tuwing umaga ay aking lilipulin ang lahat na masama
sa lupain; upang ihiwalay ang lahat na manggagawa ng
kasamaan sa bayan ng Panginoon.

**102** Dinggin mo ang dalangin ko, Oh Panginoon, at
dumating nawa ang daing ko sa iyo. 2 Huwag
mong ikubli ang mukha mo sa akin sa kaarawan ng aking
kahirapan: ikiling mo ang iyong pakinig sa akin; sa araw na
ako'y tumawag, ay sagutin mo akong madali. 3 Sapagka't
ang mga kaarawan ko'y nangapapawi na parang usok, at ang
mga buto ko'y nangasusunog na parang panggatong. 4 Ang
puso ko'y nasaktan na parang damo, at natuyo; sapagka't
nalimutan kong kanin ang aking tinapay. 5 Dahil sa tinig ng
aking daing ang mga buto ko'y nagsisidikit sa aking laman. 6
Ako'y parang pelikano sa ilang; ako'y naging parang kuwago
sa kaparangan. 7 Ako'y umaabang, at ako'y naging parang
maya na nagiisa sa bubungan. 8 Dinudusta ako ng aking
mga kaaway buong araw; silang nangauulol laban sa akin
ay nagsisisumpa sa akin. 9 Sapagka't kinain ko ang mga
abo na parang tinapay, at hinaluan ko ang aking inumin
ng iyak. 10 Dahil sa iyong galit at iyong poot: sapagka't
ako'y iyong itinaas, at inihagis. 11 Ang aking mga kaarawan
ay parang lilim na kumikiling; at ako'y natuyo na parang
damo. 12 Nguni't ikaw, Oh Panginoon, ay mamamalagi
magpakailan man; at ang alaala sa iyo ay sa lahat ng
sali't saling lahi. 13 Ikaw ay babangon at maaawa sa Sion:
sapagka't kapanahunan ng pagkaawa sa kaniya, Oo, ang
takdang panahon ay dumating. 14 Sapagka't nililigaya ang
iyong mga lingkod sa kaniyang mga bato, at nanghihinayang
sa kaniyang alabok. 15 Sa gayo'y katatakutan ng mga bansa
ang pangalan ng Panginoon. At ng lahat ng hari sa lupa ang
iyong kaluwalhatian; 16 Sapagka't itinayo ng Panginoon ang
Sion, siya'y napakita sa kaniyang kaluwalhatian; 17 Kaniyang
dininig ang dalangin ng tapon, at hindi hinamak ang kanilang
dalangin. 18 Ito'y isusulat na ukol sa lahing susunod: at ang
bayang lalalangin ay pupuri sa Panginoon. 19 Sapagka't
siya'y tumungo mula sa kaitaasan ng kaniyang santuario;
tumingin ang Panginoon sa lupa mula sa langit; 20 Upang
dinggin ang buntong hininga ng bilanggo: upang kalagan
yaong nangaitakdang patayin; 21 Upang maipahayag ng
mga tao ang pangalan ng Panginoon sa Sion, at ang
kaniyang kapurihan sa Jerusalem; 22 Nang ang mga bayan
ay mapisan, at ang mga kaharian, upang maglingkod sa
Panginoon. 23 Kaniyang pinahina ang aking kalakasan sa
daan; kaniyang pinaikli ang mga kaarawan ko. 24 Aking
sinabi, Oh Dios ko, huwag mo akong kunin sa kalagitnaan
ng aking mga kaarawan; ang mga taon mo'y lampas sa mga
sali't saling lahi. 25 Nang una ay inilagay mo ang patibayan
ng lupa; at ang mga langit ay gawa ng iyong mga kamay. 26
Sila'y uuwi sa wala, nguni't ikaw ay mananatili: Oo, silang
lahat ay maluluma na parang bihisan; parang isang kasuutan
na iyong mga papalitan, at sila'y mga mapapalitan: 27 Nguni't
ikaw rin, at ang mga taon mo'y hindi magkakawakas. 28 Ang
mga anak ng iyong mga lingkod ay mangamamalagi, at ang
kanilang binhi ay matatatag sa harap mo.

**103** Purihin mo ang Panginoon, Oh kaluluwa ko: at lahat
na nangasa loob ko ay magsisipuri sa kaniyang
banal na pangalan. 2 Purihin mo ang Panginoon, Oh
kaluluwa ko, at huwag mong kalimutan ang lahat niyang
mabubuting gawa. 3 Na siyang nagpapatawad ng iyong
lahat na mga kasamaan; na siyang nagpapagaling ng
iyong lahat na mga sakit; 4 Na siyang tumutubos ng iyong
buhay sa pagkapahamak: na siyang nagpuputong sa iyo ng
kagandahang-loob at malumanay na mga kaawaan: 5 Na
siyang bumubusog sa iyong bibig ng mabuting bagay; Na
anopa't ang iyong kabataan ay nababagong parang agila.
6 Ang Panginoon ay nagsasagawa ng mga matuwid na
gawa, at ng mga kahatulan na ukol sa lahat na naaapi. 7
Kaniyang ipinabatid ang kaniyang mga daan kay Moises, ang
kaniyang mga gawa sa mga anak ni Israel. 8 Ang Panginoon
ay puspos ng kahabagan at mapagbiyaya, banayad sa
pagkagalit at sagana sa kagandahang-loob. 9 Hindi siya
makikipagkaalit na palagi; ni kaniya mang tataglayin ang
kaniyang galit magpakailan man. 10 Siya'y hindi gumawa sa
atin ng ayon sa ating mga kasalanan, ni gumanti man sa atin
ng ayon sa ating mga kasamaan. 11 Sapagka't kung paanong
ang mga langit ay mataas kay sa lupa, gayon kalaki ang

kaniyang kagandahang-loob sa kanila na nangatatakot sa
kaniya. 12 Kung gaano ang layo ng silanganan sa kalunuran,
gayon inilayo niya ang mga pagsalangsang natin sa atin. 13
Kung paanong ang ama ay naaawa sa kaniyang mga anak,
gayon naaawa ang Panginoon sa kanilang nangatatakot
sa kaniya. 14 Sapagka't nalalaman niya ang ating anyo;
kaniyang inaalaala na tayo'y alabok. 15 Tungkol sa tao, ang
kaniyang mga kaarawan ay parang damo: kung paanong
namumukadkad ang bulaklak sa parang ay gayon siya. 16
Sapagka't dinadaanan ng hangin, at napaparam; at ang dako
niyaon ay hindi na malalaman. 17 Nguni't ang kagandahang-
loob ng Panginoon ay mula ng walang pasimula hanggang
sa walang hanggan sa nangatatakot sa kaniya, at ang
kaniyang katuwiran ay hanggang sa mga anak ng mga
anak; 18 Sa gayong nagiingat ng kaniyang tipan, at sa
nagsisialaala ng kaniyang mga utos upang gawin, 19 Itinatag
ng Panginoon ang kaniyang luklukan sa mga langit; at
ang kaniyang kaharian ay nagpupuno sa lahat. 20 Purihin
ninyo ang Panginoon, ninyong mga anghel niya: ninyong
makapangyarihan sa kalakasan na gumaganap ng kaniyang
salita, na nakikinig sa tinig ng kaniyang salita. 21 Purihin
ninyo ang Panginoon, ninyong lahat na hukbo niya; ninyong
mga ministro niya, na nagsisigawa ng kaniyang kasayahan.
22 Purihin ninyo ang Panginoon, ninyong lahat na mga gawa
niya, sa lahat na dako na kaniyang sakop; purihin mo ang
Panginoon, Oh kaluluwa ko.

**104** Purihin mo ang Panginoon, Oh kaluluwa ko. Oh
Panginoon kong Dios ikaw ay totoong dakila; ikaw
ay nabibihisan ng karangalan at kamahalan. 2 Na siyang
nagbabalot sa iyo ng liwanag na parang bihisan; na siyang
naguunat ng mga langit na parang tabing: 3 Na siyang
naglalagay ng mga tahilan ng kaniyang mga silid sa tubig;
na siyang gumagawa sa mga alapaap na kaniyang karro;
na siyang lumalakad sa mga pakpak ng hangin: 4 Na
siyang gumagawa sa mga hangin na mga sugo niya; ang
kaniyang mga tagapangasiwa ay alab ng apoy: 5 Na siyang
naglagay ng mga patibayan ng lupa, upang huwag makilos
magpakailan man, 6 Iyong tinakpan ng kalaliman na tila
isang bihisan; ang tubig ay tumatayo sa itaas ng mga
bundok. 7 Sa iyong pagsaway sila'y nagsitakas; sa hugong
ng iyong kulog ay nagmadaling nagsialis (sila) 8 Sila'y
nagsiahon sa mga bundok, sila'y nagsilusong sa mga libis,
sa dako mong itinatag ukol sa kanila. 9 Ikaw ay naglagay
ng hangganan upang sila'y huwag makaraan; upang sila'y
huwag magsibalik na tumakip sa lupa. 10 Siya'y nagsusugo
ng mga bukal sa mga libis; nagsisiagos sa gitna ng mga
bundok: 11 Sila'y nagpapainom sa bawa't hayop sa parang;
nangagpapatid-uhaw ang mga mailap na asno. 12 Sa tabi
nila ay nagkaroon ng kanilang tahanan ang mga ibon sa
himpapawid, sila'y nagsisiawit sa mga sanga. 13 Kaniyang
dinidilig ang mga bundok mula sa kaniyang mga silid: ang
lupa'y busog sa bunga ng iyong mga gawa. 14 Kaniyang
pinatutubo ang damo para sa mga hayop, at ang gugulayin
sa paglilingkod sa tao: upang siya'y maglabas ng pagkain
sa lupa: 15 At ng alak na nagpapasaya sa puso ng tao,
at ng langis upang pasilangin ang kaniyang mukha, at ng
tinapay na nagpapalakas ng puso ng tao. 16 Ang mga
punong kahoy ng Panginoon ay busog; ang mga sedro
sa Libano, na kaniyang itinanim; 17 Na pinamumugaran
ng mga ibon: tungkol sa tagak, ang mga puno ng abeto
ay kaniyang bahay. 18 Ang mga mataas na bundok ay
para sa mga mailap na kambing; ang mga malalaking bato
ay kanlungan ng mga coneho. 19 Kaniyang itinakda ang
buwan sa mga panahon: nalalaman ng araw ang kaniyang
paglubog. 20 Iyong ginagawa ang kadiliman at nagiging gabi;
na iginagalaw ng lahat na hayop sa gubat. 21 Umuungal ang
mga batang leon sa pagsunod sa mahuhuli nila, at hinahanap
sa Dios ang kanilang pagkain. 22 Ang araw ay sumisikat
sila'y nagsisialis, at nangahihiga sa kanilang mga yungib.
23 Lumalabas ang tao sa kaniyang gawain, at sa kaniyang
gawa hanggang sa kinahapunan. 24 Oh Panginoon, pagka
sarisari ng iyong mga gawa! sa karunungan ay ginawa mo
silang lahat: ang lupa ay puno ng iyong kayamanan. 25
Nandoon ang dagat, na malaki at maluwang, na ginagalawan
ng di mabilang na mga bagay, ng mga munti at ng mga
malaking hayop din naman. 26 Doo'y nagsisiyaon ang mga
sasakyan: nandoon ang buwaya na iyong nilikha upang
maglibang doon. 27 Lahat ng ito ay nangaghihintay sa
iyo, upang iyong mabigyan (sila) ng kanilang pagkain sa
ukol na kapanahunan. 28 Ang iyong ibinibigay sa kanila
ay pinipisan nila; iyong ibinubukas ang iyong kamay, sila'y
nangabubusog ng kabutihan. 29 Iyong ikinukubli ang iyong
mukha, sila'y nangababagabag; iyong inaalis ang kanilang
hininga, sila'y nangamamatay, at nagsisibalik sa kanilang
pagkaalabok. 30 Iyong sinusugo ang iyong Espiritu, sila'y
nangalalalang; at iyong binabago ang balat ng lupa. 31
Manatili nawa ang kaluwalhatian ng Panginoon kailan man;
magalak nawa ang Panginoon sa kaniyang mga gawa: 32
Na siyang tumitingin sa lupa at nayayanig: kaniyang hinihipo
ang mga bundok at nagsisiusok. 33 Aawit ako sa Panginoon
habang ako'y nabubuhay: ako'y aawit ng pagpuri sa aking
Dios, samantalang mayroon akong kabuhayan. 34 Matamisin
nawa niya ang aking pagbubulay: ako'y magagalak sa
Panginoon. 35 Malipol nawa ang mga makasalanan sa lupa,
at mawala nawa ang masama. Purihin mo ang Panginoon,
Oh kaluluwa ko. Purihin ninyo ang Panginoon.

**105** Oh magpasalamat kayo sa Panginoon, kayo'y
magsitawag sa kaniyang pangalan; ipabatid ninyo

ang kaniyang mga gawain sa mga bayan. 2 Magsiawit
kayo sa kaniya, magsiawit kayo sa kaniya ng mga pagpuri;
salitain ninyo ang lahat niyang kagilagilalas na mga gawa.
3 Lumuwalhati kayo sa kaniyang banal na pangalan:
mangagalak ang puso nila na nagsisihanap sa Panginoon. 4
Hanapin ninyo ang Panginoon at ang kaniyang kalakasan;
hanapin ninyo ang kaniyang mukha magpakailan man. 5
Alalahanin ninyo ang kaniyang kagilagilalas na mga gawa
na kaniyang ginawa: ang kaniyang mga kababalaghan at
ang mga kahatulan ng kaniyang bibig; 6 Oh ninyong binhi
ni Abraham na kaniyang lingkod, ninyong mga anak ni
Jacob, na kaniyang mga hirang. 7 Siya ang Panginoon
nating Dios: ang kaniyang mga kahatulan ay nangasa buong
lupa. 8 Kaniyang inalaala ang kaniyang tipan magpakailan
man, ang salita na kaniyang iniutos sa libong sali't saling
lahi; 9 Ang tipan na kaniyang ginawa kay Abraham, at
ang kaniyang sumpa kay Isaac; 10 At pinagtibay yaon kay
Jacob na pinakapalatuntunan, sa Israel na pinakawalang
hanggang tipan: 11 Na sinasabi, sa iyo'y ibibigay ko ang
lupain ng Canaan, ang kapalaran na iyong mana; 12 Nang
sila'y kaunti lamang tao sa bilang; Oo, totoong kaunti, at
nangakikipamayan doon; 13 At sila'y nagsiyaon sa bansa at
bansa, mula sa isang kaharian hanggang sa ibang bayan.
14 Hindi niya tiniis ang sinomang tao na gawan (sila) ng
kamalian; Oo, kaniyang sinaway ang mga hari dahil sa
kanila; 15 Na sinasabi, Huwag ninyong galawin ang mga
pinahiran ko ng langis. At huwag ninyong gawan ng masama
ang mga propeta ko. 16 At siya'y nagdala ng kagutom sa
lupain; kaniyang binali ang buong tukod ng tinapay. 17
Siya'y nagsugo ng isang lalake sa unahan nila; si Jose
ay naipagbiling pinakaalipin: 18 Ang kaniyang mga paa ay
sinaktan nila ng mga pangpangaw; siya'y nalagay sa mga
tanikalang bakal: 19 Hanggang sa panahon na nangyari
ang kaniyang salita; tinikman siya ng salita ng Panginoon.
20 Ang hari ay nagsugo, at pinawalan siya; sa makatuwid
baga'y ang pinuno ng mga bayan, at pinalaya niya siya. 21
Ginawa niya siyang panginoon sa kaniyang bahay, at pinuno
sa lahat niyang pag-aari: 22 Upang talian ang kaniyang mga
pangulo sa kaniyang kaligayahan, at turuan ang kaniyang
mga kasangguni ng karunungan. 23 Si Israel naman ay
nasok sa Egipto; at si Jacob ay nakipamayan sa lupain ng
Cham. 24 At kaniyang pinalagong mainam ang kaniyang
bayan, at pinalakas (sila) kay sa kanilang mga kaaway.
25 Kaniyang pinapanumbalik ang kanilang puso upang
mangagtanim sa kaniyang bayan, upang magsigawang may
katusuhan sa kaniyang mga lingkod. 26 Kaniyang sinugo
si Moises na kaniyang lingkod, at si Aaron na kaniyang
hirang. 27 Kanilang inilagay sa gitna nila ang kaniyang
mga tanda, at mga kababalaghan sa lupain ng Cham. 28
Siya'y nagsugo ng mga kadiliman, at nagpadilim; at sila'y
hindi nagsipanghimagsik laban sa kaniyang mga salita. 29
Kaniyang pinapaging dugo ang kanilang tubig, at pinatay
ang kanilang mga isda. 30 Ang kanilang lupain ay binukalan
ng mga palaka, sa mga silid ng kanilang mga hari. 31 Siya'y
nagsalita, at dumating ang mga pulutong na mga langaw,
at kuto sa lahat ng kanilang mga hangganan. 32 Ibinigay
niya sa kanila na pinakaulan ay graniso, at liyab ng apoy sa
kanilang lupain. 33 Sinaktan naman niya ang kanilang mga
puno ng ubas, at ang kanilang mga puno ng higos; at binali
ang mga punong kahoy ng kanilang mga hangganan. 34
Siya'y nagsalita at ang mga balang ay nagsidating, at ang
mga higad, ay yao'y walang bilang, 35 At kinain ang lahat
na gugulayin sa kanilang lupain, at kinain ang bunga ng
kanilang lupa. 36 Sinaktan din niya ang lahat na panganay
sa kanilang lupain, ang puno ng lahat nilang kalakasan. 37
At kaniyang inilabas (sila) na may pilak at ginto: at hindi
nagkaroon ng mahinang tao sa kaniyang mga lipi. 38 Natuwa
ang Egipto nang sila'y magsialis; sapagka't ang takot sa
kanila ay nahulog sa kanila. 39 Kaniyang inilatag ang ulap
na pinakakubong; at apoy upang magbigay liwanag sa
gabi, 40 Sila'y nagsihingi, at dinalhan niya ng mga pugo, at
binusog niya (sila) ng pagkain na mula sa langit. 41 Kaniyang
ibinuka ang bato at binukalan ng tubig; nagsiagos sa tuyong
mga dako na parang ilog. 42 Sapagka't kaniyang naalaala
ang kaniyang banal na salita, at si Abraham na kaniyang
lingkod. 43 At kaniyang inilabas ang kaniyang bayan na
may kagalakan, at ang kaniyang hirang na may awitan. 44
At ibinigay niya sa kanila ang mga lupain ng mga bansa;
at kinuha nila ang gawa ng mga bayan na pinakaari: 45
Upang kanilang maingatan ang kaniyang mga palatuntunan,
at sundin ang kaniyang mga kautusan. Purihin ninyo ang
Panginoon.

**106** Purihin ninyo ang Panginoon. Oh mangagpasalamat
kayo sa Panginoon; sapagka't siya'y mabuti;
sapagka't ang kaniyang kagandahang-loob ay magpakailan
man. 2 Sinong makapagbabadya ng mga makapangyarihang
gawa ng Panginoon, o makapagpapakilala ng buo niyang
kapurihan? 3 Mapalad silang nangagiingat ng kahatulan,
at siyang gumagawa ng katuwiran sa buong panahon. 4
Alalahanin mo ako, Oh Panginoon, ng lingap na iyong
ipinagkaloob sa iyong bayan; Oh dalawin mo ako ng iyong
pagliligtas: 5 Upang makita ko ang kaginhawahan ng iyong
hirang, upang ako'y magalak sa kasayahan ng iyong bansa,
upang ako'y lumuwalhati na kasama ng iyong mana. 6 Kami
ay nangagkasala na kasama ng aming mga magulang, kami
ay nangakagawa ng kasamaan, kami ay nagsigawa ng
masama. 7 Hindi naunawa ng aming mga magulang ang
iyong mga kababalaghan sa Egipto; hindi nila inalaala ang

karamihan ng iyong mga kagandahang-loob, kundi naging
mapanghimagsik sa dagat, sa makatuwid baga'y sa Dagat na
Mapula. 8 Gayon ma'y iniligtas niya (sila) dahil sa kaniyang
pangalan, upang kaniyang maipabatid ang kaniyang matibay
na kapangyarihan. 9 Kaniyang sinaway naman ang Dagat
na Mapula, at natuyo: sa gayo'y pinatnubayan niya (sila) sa
mga kalaliman, na parang ilang. 10 At iniligtas niya (sila) sa
kamay ng nangagtatanim sa kanila, at tinubos niya (sila) sa
kamay ng kaaway. 11 At tinabunan ng tubig ang kanilang
mga kaaway: walang nalabi sa kanila kahit isa. 12 Nang
magkagayo'y sinampalatayanan nila ang kaniyang mga
salita; inawit nila ang kaniyang kapurihan. 13 Nilimot nilang
madali ang kaniyang mga gawa; hindi (sila) naghintay sa
kaniyang payo: 14 Kundi nagnais ng di kawasa sa ilang,
at tinukso ang Dios sa ilang. 15 At binigyan niya (sila) ng
kanilang hiling; nguni't pinangayayat ang kanilang kaluluwa.
16 Kanilang pinanaghilian naman si Moises sa kampamento,
at si Aaron na banal ng Panginoon. 17 Ang lupa ay bumuka,
at nilamon si Dathan, at tinakpan ang pulutong ni Abiram.
18 At apoy ay nagningas sa kanilang pulutong; sinunog
ng liyab ang mga masama, 19 Sila'y nagsigawa ng guya
sa Horeb, at nagsisamba sa larawang binubo. 20 Ganito
nila pinapagbago ang kanilang kaluwalhatian sa wangis
ng baka na kumakain ng damo. 21 Nilimot nila ang Dios
na kanilang tagapagligtas, na gumawa ng mga dakilang
bagay sa Egipto; 22 Kagilagilalas na mga gawa sa lupain ng
Cham, at kakilakilabot na mga bagay sa Dagat na Mapula.
23 Kaya't sinabi niya, na kaniyang lilipulin (sila) kung si
Moises na kaniyang hirang ay hindi humarap sa kaniya sa
bitak, upang pawiin ang kaniyang poot, upang huwag niyang
lipulin (sila) 24 Oo, kanilang hinamak ang maligayang lupain,
hindi nila sinampalatayanan ang kaniyang salita; 25 Kundi
nangagsiungol sa kanilang mga tolda, at hindi nangakinig sa
tinig ng Panginoon. 26 Kaya't kaniyang isinumpa sa kanila,
na kaniyang ibubulid (sila) sa ilang: 27 At kaniyang ibubulid
ang kanilang binhi sa mga bansa, at pangalatin (sila) sa mga
lupain. 28 Sila'y nangakilakip naman sa diosdiosang Baal-
peor, at nagsikain ng mga hain sa mga patay. 29 Ganito
minungkahi nila siya sa galit ng kanilang mga gawa; at ang
salot ay lumitaw sa kanila. 30 Nang magkagayo'y tumayo si
Phinees, at gumawa ng kahatulan: at sa gayo'y tumigil ang
salot. 31 At nabilang sa kaniya na katuwiran, sa lahat ng
sali't saling lahi magpakailan man. 32 Kanilang ginalit din
siya sa tubig ng Meriba, na anopa't naging masama kay
Moises dahil sa kanila: 33 Sapagka't sila'y mapanghimagsik
laban sa kaniyang diwa, at siya'y nagsalita ng walang
pakundangan ng kaniyang mga labi. 34 Hindi nila nilipol ang
mga bayan, gaya ng iniutos ng Panginoon sa kanila; 35
Kundi nangakihalo sa mga bansa, at nangatuto ng kanilang
mga gawa: 36 At sila'y nangaglingkod sa kanilang mga
diosdiosan; na naging silo sa kanila: 37 Oo, kanilang inihain
ang kanilang mga anak na lalake at babae sa mga demonio,
38 At nagbubo ng walang salang dugo, sa makatuwid baga'y
ng dugo ng kanilang mga anak na lalake at babae, na
kanilang inihain sa diosdiosan ng Canaan; at ang lupain
ay nadumhan ng dugo. 39 Ganito (sila) nagpakahawa sa
kanilang mga gawa, at nagsiyaong nagpakarumi sa kanilang
mga gawa. 40 Kaya't nagalab ang pagiinit ng Panginoon
laban sa kaniyang bayan, at kinayamutan niya ang kaniyang
pamana. 41 At ibinigay niya (sila) sa kamay ng mga bansa;
at silang nangagtatanim sa kanila ay nangagpuno sa kanila.
42 Pinighati naman (sila) ng kanilang mga kaaway, at sila'y
nagsisuko sa kanilang kamay. 43 Madalas na iligtas niya
(sila) nguni't sila'y mapanghimagsik sa kanilang payo, at
nangababa (sila) sa kanilang kasamaan. 44 Gayon ma'y
nilingap niya ang kanilang kahirapan, nang kaniyang marinig
ang kanilang daing: 45 At kaniyang inalaala sa kanila ang
kaniyang tipan, at nagsisi ayon sa karamihan ng kaniyang
mga kagandahang-loob. 46 Ginawa naman niyang sila'y
kaawaan niyaong lahat na nangagdalang bihag sa kanila.
47 Iligtas mo kami, Oh Panginoon naming Dios, at pisanin
mo kami na mula sa mga bansa, upang mangagpasalamat
sa iyong banal na pangalan, at mangagtagumpay sa iyong
kapurihan. 48 Purihin ang Panginoon, ang Dios ng Israel,
mula sa walang pasimula hanggang sa walang hanggan.
At sabihin ng buong bayan, Siya nawa. Purihin ninyo ang
Panginoon.

**107** Oh mangagpasalamat kayo sa Panginoon; sapagka't
siya'y mabuti: sapagka't ang kaniyang kagandahang-
loob ay magpakailan man. 2 Sabihing gayon ng tinubos ng
Panginoon, na kaniyang tinubos sa kamay ng kaaway; 3 At
mga pinisan mula sa mga lupain, mula sa silanganan, at
mula sa kalunuran, mula sa hilagaan at mula sa timugan.
4 Sila'y nagsilaboy sa ilang, sa ulilang landas; sila'y hindi
nakasumpong ng bayang tahanan. 5 Gutom at uhaw,
ang kanilang kaluluwa'y nanglupaypay sa kanila. 6 Nang
magkagayo'y nagsidaing (sila) sa Panginoon sa kanilang
kabagabagan, at iniligtas niya (sila) sa kanilang kahirapan. 7
Pinatnubayan naman niya (sila) sa matuwid na daan, upang
sila'y magsiyaon sa bayang tahanan. 8 Oh purihin ng mga
tao ang Panginoon dahil sa kaniyang kagandahang-loob, at
dahil sa kaniyang mga kagilagilalas na mga gawa sa mga
anak ng mga tao! 9 Sapagka't kaniyang binigyang kasiyahan
ang nananabik na kaluluwa, at ang gutom na kaluluwa ay
binusog niya ng kabutihan. 10 Ang gayong tumatahan sa
kadiliman, at sa lilim ng kamatayan, na natatali sa dalamhati
at pangaw; 11 Sapagka't sila'y nanghimagsik laban sa mga
salita ng Dios, at hinamak ang payo ng Kataastaasan:

12 Kaya't kaniyang ibinaba ang kanilang puso na may
hirap; sila'y nangabuwal, at walang sumaklolo. 13 Nang
magkagayo'y nagsidaing (sila) sa Panginoon sa kanilang
kabagabagan, at iniligtas niya (sila) sa kanilang kahirapan.
14 Inilabas niya (sila) sa kadiliman at sa lilim ng kamatayan,
at pinatid ang kanilang mga tali. 15 Oh purihin ng mga tao
ang Panginoon dahil sa kaniyang kagandahang-loob, at dahil
sa kaniyang mga kagilagilalas na mga gawa sa mga anak
ng mga tao! 16 Sapagka't kaniyang sinira ang mga pintuang-
bayan na tanso, at pinutol ang mga halang na bakal. 17
Mga mangmang dahil sa kanilang mga pagsalangsang, at
dahil sa kanilang mga kasamaan ay nadadalamhati. 18
Kinayayamutan ng kanilang kaluluwa ang sarisaring pagkain;
at sila'y nagsisilapit sa mga pintuan ng kamatayan, 19 Nang
magkagayo'y nagsidaing (sila) sa Panginoon sa kanilang
kabagabagan, at iniligtas niya (sila) sa kanilang kahirapan.
20 Sinugo niya ang kaniyang salita, at pinagaling (sila) at
iniligtas (sila) sa kanilang mga ikapapahamak. 21 Oh purihin
ng mga tao ang Panginoon dahil sa kaniyang kagandahang-
loob, at dahil sa kaniyang kagilagilalas na mga gawa sa
mga anak ng mga tao! 22 At mangaghandog (sila) ng mga
hain na pasalamat, at ipahayag ang kaniyang mga gawa
na may awitan. 23 Silang nagsisibaba sa dagat sa mga
sasakyan, na nangangalakal sa mga malawak na tubig; 24
Ang mga ito'y nangakakakita ng mga gawa ng Panginoon, at
ng kaniyang mga kababalaghan sa kalaliman. 25 Sapagka't
siya'y naguutos, at nagpapaunos, na nagbabangon ng mga
alon niyaon. 26 Nagsisitaas sa mga langit, nagsisibaba uli sa
mga kalaliman: ang kanilang kaluluwa ay natutunaw dahil sa
kabagabagan. 27 Sila'y hahampashampas na paroo't parito,
at gigiraygiray na parang lasing, at ang kanilang karunungan
ay nawala. 28 Nang magkagayo'y nagsidaing (sila) sa
Panginoon sa kanilang kabagabagan, at inilabas niya (sila)
sa kanilang kahirapan. 29 Kaniyang pinahihimpil ang bagyo,
na anopa't ang mga alon niyaon ay nagsisitahimik. 30 Nang
magkagayo'y natutuwa (sila) dahil sa sila'y tiwasay. Sa
gayo'y kaniyang dinadala (sila) sa daongang kanilang ibigin.
31 Oh purihin ng mga tao ang Panginoon dahil sa kaniyang
kagandahang-loob, at dahil sa kaniyang kagilagilalas na mga
gawa sa mga anak ng mga tao! 32 Ibunyi rin naman nila siya
sa kapulungan ng bayan, at purihin siya sa upuan ng mga
matanda. 33 Kaniyang pinapagiging ilang ang mga ilog, at
uhaw na lupa ang mga bukal: 34 Na maalat na ilang ang
mainam na lupain, dahil sa kasamaan nila na nagsisitahan
doon. 35 Kaniyang pinapagiging lawa ng mga tubig ang
ilang, at mga bukal ang tuyong lupain. 36 At kaniyang
pinatatahan doon ang gutom, upang makapaghanda (sila)
ng bayang tahanan; 37 At maghasik sa mga bukid, at
magtanim ng mga ubasan, at magtamo ng mga bunga na
pakinabang. 38 Kaniya namang pinagpapala (sila) na anopa't
sila'y lubhang nagsisidami; at hindi tinitiis na ang kanilang
kawan ay magkulang. 39 Muli, sila'y nakulangan at nahapay
sa kapighatian, kabagabagan, at kahirapan. 40 Kaniyang
ibinubugso ang kadustaan sa mga pangulo, at kaniyang
pinagagala (sila) sa ilang na walang lansangan. 41 Gayon
ma'y iniuupo niya sa mataas ang mapagkailangan mula sa
kadalamhatian, at ginagawan siya ng mga angkan na parang
kawan. 42 Makikita ng matuwid, at matutuwa; at titikumin
ng lahat ng kasamaan ang kaniyang bibig. 43 Kung sino
ang pantas ay magbulay sa mga bagay na ito, at kanilang
magugunita ang mga kagandahang-loob ng Panginoon.

**108** Ang aking puso'y matatag, Oh Dios; ako'y aawit, oo,
ako'y aawit ng mga pagpuri, ng aking kaluwalhatian.
2 Kayo'y gumising, salterio at alpa: ako ma'y gigising na
maaga. 3 Ako'y magpapasalamat sa iyo, Oh Panginoon,
sa gitna ng mga bayan: at ako'y aawit ng mga pagpuri
sa iyo sa gitna ng mga bansa. 4 Sapagka't ang iyong
kagandahang-loob ay dakila sa itaas sa mga langit, at
ang iyong katotohanan ay umaabot sa mga alapaap. 5
Mabunyi ka, Oh Dios, sa itaas sa mga langit: at ang iyong
kaluwalhatian sa ibabaw ng buong lupa. 6 Upang ang
iyong minamahal ay maligtas, magligtas ka ng iyong kanan,
at sagutin mo kami. 7 Nagsalita ang Dios sa kaniyang
kabanalan; ako'y magsasaya: aking hahatiin ang Sichem,
at susukatin ko ang libis ng Sucoth. 8 Galaad ay akin;
Manases ay akin; ang Ephraim naman ay sanggalang ng
aking ulo: Juda'y aking cetro. 9 Moab ay aking hugasan;
sa Edom ay ihahagis ko ang aking panyapak: sa Filistia
ay hihiyaw ako. 10 Sinong magpapasok sa akin sa bayang
nakukutaan? Sinong papatnubay sa akin hanggang sa
Edom? 11 Hindi ba ikaw Oh Dios na nagtakuwil sa amin, at
hindi lumalabas, Oh Dios, na kasama ng aming mga hukbo?
12 Gawaran mo kami ng tulong laban sa kaaway; sapagka't
walang kabuluhan ang tulong ng tao. 13 Sa tulong ng Dios
ay gagawa kaming may katapangan: sapagka't siya ang
yayapak sa aming mga kaaway.

**109** Huwag kang mapayapa, Oh Dios na aking kapurihan;
2 Sapagka't ang bibig ng masama at ang bibig ng
magdaraya ay ibinuka nila laban sa akin: sila'y nangagsalita
sa akin na may sinungaling na dila. 3 Kanilang kinulong
ako sa palibot ng mga salitang pagtatanim, at nagsilaban
sa akin ng walang kadahilanan. 4 Sa kabayaran ng aking
pagibig ay mga kaaway ko (sila) nguni't ako'y tumatalaga sa
dalangin. 5 At iginanti nila sa akin ay kasamaan sa mabuti,
at pagtatanim sa pagibig ko. 6 Lagyan mo ng masamang tao
siya: at tumayo nawa ang isang kaaway sa kaniyang kanan.
7 Pagka siya'y nahatulan, lumabas nawa siyang salarin; at

maging kasalanan nawa ang kaniyang dalangin. 8 Maging
kaunti nawa ang kaniyang mga kaarawan; at kunin nawa ng
iba ang kaniyang katungkulan. 9 Maulila nawa ang kaniyang
mga anak, at mabao ang kaniyang asawa. 10 Magsilaboy
nawa ang kaniyang mga anak, at mangagpalimos; at hanapin
nila ang kanilang pagkain sa kanilang mga dakong guho. 11
Kunin nawa ng manglulupig ang lahat niyang tinatangkilik;
at samsamin ng mga taga ibang lupa ang kaniyang mga
gawa. 12 Mawalan nawa ng maawa sa kaniya; at mawalan
din ng maawa sa kaniyang mga anak na ulila. 13 Mahiwalay
nawa ang kaniyang kaapuapuhan; sa lahing darating ay
mapawi ang kaniyang pangalan. 14 Maalaala nawa ng
Panginoon ang kasamaan ng kaniyang mga magulang;
at huwag mapawi ang kasalanan ng kaniyang ina, 15
Mangalagay nawa silang lagi sa harap ng Panginoon, upang
ihiwalay niya ang alaala sa kanila sa lupa. 16 Sapagka't
hindi niya naalaalang magpakita ng kaawaan, kundi hinabol
ang dukha at mapagkailangan, at ang may bagbag na
puso, upang patayin. 17 Oo, kaniyang inibig ang sumpa, at
dumating sa kaniya; at hindi siya nalulugod sa pagpapala,
at malayo sa kaniya. 18 Nagsusuot naman siya ng sumpa
na parang kaniyang damit, at nasok sa kaniyang mga loob
na bahagi na parang tubig, at parang langis sa kaniyang
mga buto. 19 Sa kaniya'y maging gaya nawa ng balabal
na ibinabalabal, at gaya ng bigkis na ibinibigkis na lagi.
20 Ito ang kagantihan sa aking mga kaaway na mula sa
Panginoon, at sa kanilang nangagsasalita ng kasamaan
laban sa aking kaluluwa. 21 Nguni't gumawa kang kasama
ko, Oh Dios na Panginoon, alang-alang sa iyong pangalan:
sapagka't ang iyong kagandahang-loob ay mabuti, iligtas mo
ako, 22 Sapagka't ako'y dukha at mapagkailangan, at ang
aking puso ay nasaktan sa loob ko. 23 Ako'y yumayaong
gaya ng lilim pagka kumikiling: ako'y itinataas at ibinababa
ng hangin na parang balang. 24 Ang aking mga tuhod ay
mahina sa pagaayuno, at ang aking laman ay nagkukulang
ng katabaan. 25 Ako nama'y naging kadustaan sa kanila:
pagka kanilang nakikita ako, kanilang pinagagalawgalaw
ang kanilang ulo. 26 Tulungan mo ako, Oh Panginoon
kong Dios; Oh iligtas mo ako ayon sa iyong kagandahang-
loob: 27 Upang kanilang maalaman na ito'y iyong kamay;
na ikaw, Panginoon, ang may gawa. 28 Sumumpa (sila)
nguni't magpapala ka: pagka sila'y nagsibangon, sila'y
mangapapahiya, nguni't ang iyong lingkod ay magagalak. 29
Manamit ng kasiraang puri ang mga kaaway ko, at matakpan
(sila) ng kanilang sariling kahihiyan na parang balabal.
30 Ako'y magpapasalamat ng marami ng aking bibig sa
Panginoon; Oo, aking pupurihin siya sa gitna ng karamihan.
31 Sapagka't siya'y tatayo sa kanan ng mapagkailangan,
upang iligtas sa kanilang nagsisihatol ng kaniyang kaluluwa.

**110** Sinabi ng Panginoon sa aking panginoon, umupo
ka sa aking kanan, hanggang sa aking gawing
tungtungan mo ang iyong mga kaaway. 2 Pararatingin
ng Panginoon ang setro ng iyong kalakasan mula sa
Sion: magpuno ka sa gitna ng iyong mga kaaway. 3
Ang bayan mo'y naghahandog na kusa sa kaarawan ng
iyong kapangyarihan, sa kagandahan ng kabanalan: mula
sa bukang liwayway ng umaga, ikaw ay may hamog ng
iyong kabinataan. 4 Sumumpa ang Panginoon, at hindi
magsisisi, Ikaw ay saserdote magpakailan man ayon sa
pagkasaserdote ni Melchisedech. 5 Ang Panginoon sa
iyong kanan ay hahampas sa mga hari sa kaarawan ng
kaniyang poot. 6 Siya'y hahatol sa gitna ng mga bansa,
kaniyang pupunuin ng mga bangkay ang mga pook; siya'y
manghahampas ng ulo sa maraming lupain. 7 Siya'y iinom
sa batis sa daan: kaya't siya'y magtataas ng ulo.

**111** Purihin ninyo ang Panginoon. Ako'y magpapasalamat
sa Panginoon ng aking buong puso, sa kapulungan
ng matuwid, at sa kapisanan. 2 Ang mga gawa ng Panginoon
ay dakila, siyasat ng lahat na nagtatamo ng kaligayahan
diyan. 3 Ang kaniyang gawa ay karangalan at kamahalan: at
ang kaniyang katuwiran ay nananatili magpakailan man. 4
Kaniyang ginawa ang kaniyang mga kababalaghang gawa
upang alalahanin: ang Panginoon ay mapagbiyaya at puspos
ng kahabagan. 5 Siya'y nagbigay ng pagkain sa nangatatakot
sa kaniya: kaniyang aalalahaning lagi ang kaniyang tipan. 6
Kaniyang ipinakilala sa kaniyang bayan ang kapangyarihan
ng kaniyang mga gawa, sa pagbibigay niya sa kanila ng
mana ng mga bansa. 7 Ang mga gawa ng kaniyang mga
kamay ay katotohanan at kahatulan: lahat niyang mga
tuntunin ay tunay. 8 Nangatatatag magpakailan-kailan man,
mga yari sa katotohanan at katuwiran. 9 Siya'y nagsugo
ng katubusan sa kaniyang bayan; kaniyang iniutos ang
kaniyang tipan magpakailan man: banal at kagalanggalang
ang kaniyang pangalan. 10 Ang pagkatakot sa Panginoon ay
pasimula ng karunungan; may mabuting pagkaunawa ang
lahat na nagsisisunod ng kaniyang mga utos. Ang kaniyang
kapurihan ay nananatili magpakailan man.

**112** Purihin ninyo ang Panginoon. Mapalad ang tao na
natatakot sa Panginoon, na naliligayang mainam
sa kaniyang mga utos. 2 Ang kaniyang binhi ay magiging
makapangyarihan sa lupa; ang lahi ng matuwid ay magiging
mapalad. 3 Kaginhawahan at kayamanan ay nasa kaniyang
bahay: at ang kaniyang katuwiran ay nananatili magpakailan
man. 4 Sa matuwid ay bumabangon ang liwanag sa
kadiliman: siya'y mapagbiyaya at puspos ng kahabagan,
at matuwid. 5 Ang ikabubuti ng taong mapagbiyaya at
nagpapahiram, kaniyang aalalayan ang kaniyang usap sa

kahatulan. 6 Sapagka't siya'y hindi makikilos magpakailan
man; ang matuwid ay maaalaalang walang hanggan. 7
Siya'y hindi matatakot sa mga masamang balita: ang
kaniyang puso ay matatag, na tumitiwala sa Panginoon.
8 Ang kaniyang puso ay natatag, siya'y hindi matatakot,
hanggang sa kaniyang makita ang nasa niya sa kaniyang
mga kaaway. 9 Kaniyang pinanabog, kaniyang ibinigay
sa mapagkailangan; ang kaniyang katuwiran ay nananatili
magpakailan man, ang kaniyang sungay ay matataas na
may karangalan. 10 Makikita ng masama, at mamamanglaw;
siya'y magngangalit ng kaniyang mga ngipin, at matutunaw:
ang nasa ng masama ay mapaparam.

**113** Purihin ninyo ang Panginoon. Purihin ninyo, Oh
ninyong mga lingkod ng Panginoon, purihin ninyo
ang pangalan ng Panginoon. 2 Purihin ang pangalan ng
Panginoon mula sa panahong ito at magpakailan man. 3
Mula sa pagsikat ng araw hanggang sa paglubog niyaon
ang pangalan ng Panginoon ay pupurihin, 4 Ang Panginoon
ay mataas na higit sa lahat ng mga bansa, at ang kaniyang
kaluwalhatian ay sa itaas ng mga langit. 5 Sino ang gaya ng
Panginoon nating Dios, na may kaniyang upuan sa itaas, 6
Na nagpapakababang tumitingin ng mga bagay na nangasa
sa langit at sa lupa? 7 Kaniyang ibinabangon ang dukha
mula sa alabok, at itinataas ang mapagkailangan mula sa
dumi; 8 Upang maupo siya na kasama ng mga pangulo,
sa makatuwid baga'y ng mga pangulo ng kaniyang bayan.
9 Kaniyang pinapagiingat ng bahay ang baog na babae,
at maging masayang ina ng mga anak. Purihin ninyo ang
Panginoon.

**114** Nang lumabas ang Israel sa Egipto, ang
sangbahayan ni Jacob mula sa bayang may ibang
wika; 2 Ang Juda ay naging kaniyang santuario, ang Israel
ay kaniyang sakop. 3 Nakita ng dagat, at tumakas; ang
Jordan ay napaurong. 4 Ang mga bundok ay nagsiluksong
parang mga lalaking tupa, ang mga munting gulod na parang
mga batang tupa. 5 Anong ipakikialam ko sa iyo, Oh dagat,
na ikaw ay tumatakas? sa iyo Jordan, na ikaw ay umuurong?
6 Sa inyo mga bundok, na kayo'y nagsisiluksong parang mga
lalaking tupa; sa inyong mga munting gulod, na parang mga
batang tupa? 7 Mayanig ka, ikaw na lupa, sa harapan ng
Panginoon, sa harapan ng Dios ni Jacob; 8 Na pinapagiging
tipunan ng tubig ang malaking bato. Na bukal ng tubig ang
pingkiang bato.

**115** Huwag sa amin, Oh Panginoon, huwag sa amin, kundi
sa iyong pangalan ay magbigay kang karangalan,
dahil sa iyong kagandahang-loob, at dahil sa iyong
katotohanan. 2 Bakit sasabihin ng mga bansa, Saan nandoon
ngayon ang kanilang Dios? 3 Nguni't ang aming Dios ay
nasa mga langit: kaniyang ginagawa ang kaniyang ibigin. 4
Ang kanilang mga diosdiosan ay pilak at ginto, yari ng mga
kamay ng mga tao. 5 Sila'y may mga bibig, nguni't sila'y
hindi nangagsasalita; mga mata'y mayroon (sila) nguni't hindi
(sila) nangakakakita; 6 Sila'y may mga tainga, nguni't hindi
(sila) nangakakarinig; mga ilong ay mayroon (sila) nguni't
hindi (sila) nangakakaamoy; 7 Mayroon silang mga kamay,
nguni't hindi (sila) nangakatatangan; mga paa ay mayroon
(sila) nguni't hindi (sila) nangakalalakad; ni nangagsasalita
man (sila) sa kanilang ngalangala. 8 Ang nagsisigawa sa
kanila ay magiging gaya nila; Oo, bawa't tumitiwala sa kanila.
9 Oh Israel, tumiwala ka sa Panginoon: siya'y kanilang
saklolo at kanilang kalasag. 10 Oh sangbahayan ni Aaron,
magsitiwala kayo sa Panginoon: siya'y kanilang saklolo at
kanilang kalasag. 11 Kayong nangatatakot sa Panginoon,
magsitiwala kayo sa Panginoon; siya'y kanilang saklolo at
kanilang kalasag. 12 Inalaala tayo ng Panginoon; kaniyang
pagpapalain tayo: kaniyang pagpapalain ang sangbahayan
ni Israel, kaniyang pagpapalain ang sangbahayan ni Aaron.
13 Kaniyang pagpapalain ang nangatatakot sa Panginoon,
ang mababa at gayon ang mataas. 14 Palalaguin kayo ng
Panginoon ng higit at higit, kayo at ang inyong mga anak.
15 Pinagpala kayo ng Panginoon, na gumawa ng langit at
lupa. 16 Ang mga langit ay mga langit ng Panginoon; nguni't
ang lupa ay kaniyang ibinigay sa mga anak ng mga tao. 17
Ang patay ay hindi pumupuri sa Panginoon, ni sinomang
nabababa sa katahimikan; 18 Nguni't aming pupurihin ang
Panginoon mula sa panahong ito hanggang sa walang
hanggan. Purihin ninyo ang Panginoon.

**116** Aking iniibig ang Panginoon, sapagka't kaniyang
dininig ang aking tinig at aking mga hiling. 2
Sapagka't kaniyang ikiniling ang kaniyang pakinig sa akin,
kaya't ako'y tatawag sa kaniya habang ako'y nabubuhay. 3
Ang tali ng kamatayan ay pumulupot sa akin, at ang mga
sakit ng Sheol ay nagsihawak sa akin: aking nasumpungan
ang kabagabagan at kapanglawan. **(Sheol h7585)** 4 Nang
magkagayo'y tumawag ako sa pangalan ng Panginoon;
Oh Panginoon, isinasamo ko sa iyo, iligtas mo ang aking
kaluluwa. 5 Mapagbiyaya ang Panginoon, at matuwid; Oo,
ang Dios namin ay maawain. 6 Pinalalagi ng Panginoon
ang mga tapat na loob: ako'y nababa, at kaniyang iniligtas
ako. 7 Bumalik ka sa iyong kapahingahan, Oh kaluluwa
ko; sapagka't ginawan ka ng mabuti ng Panginoon. 8
Sapagka't iyong iniligtas ang kaluluwa ko sa kamatayan,
at ang mga mata ko sa mga luha, at ang mga paa ko sa
pagkabuwal. 9 Ako'y lalakad sa harap ng Panginoon, sa
lupain ng mga buhay. 10 Ako'y sumasampalataya, sapagka't
ako'y magsasalita: ako'y lubhang nagdalamhati: 11 Aking
sinabi sa aking pagmamadali, lahat ng tao ay bulaan.

12 Ano ang aking ibabayad sa Panginoon dahil sa lahat
niyang kabutihan sa akin? 13 Aking kukunin ang saro ng
kaligtasan, at tatawag ako sa pangalan ng Panginoon. 14
Aking babayaran ang mga panata ko sa Panginoon, Oo, sa
harapan ng buo niyang bayan. 15 Mahalaga sa paningin
ng Panginoon ang kamatayan ng kaniyang mga banal. 16
Oh Panginoon, tunay na ako'y iyong lingkod; ako'y iyong
lingkod, na anak ng iyong lingkod na babae; iyong kinalag
ang aking mga tali. 17 Aking ihahandog sa iyo ang hain na
pasalamat, at tatawag ako sa pangalan ng Panginoon. 18
Aking babayaran ang mga panata ko sa Panginoon, Oo, sa
harapan ng buo niyang bayan; 19 Sa mga looban ng bahay
ng Panginoon, sa gitna mo, Oh Jerusalem. Purihin ninyo
ang Panginoon.

**117** Oh purihin ninyo ang Panginoon, ninyong lahat na
mga bansa: purihin ninyo siya, ninyong lahat na
mga bayan. 2 Sapagka't ang kaniyang kagandahang-loob
ay dakila sa atin; at ang katotohanan ng Panginoon ay
magpakailan man. Purihin ninyo ang Panginoon.

**118** Oh mangagpasalamat kayo sa Panginoon; sapagka't
siya'y mabuti: sapagka't ang kaniyang kagandahang-
loob ay magpakailan man. 2 Magsabi ngayon ang Israel,
na ang kaniyang kagandahang-loob ay magpakailan man.
3 Magsabi ngayon ang sangbahayan ni Aaron, na ang
kaniyang kagandahang-loob ay magpakailan man. 4
Mangagsabi ngayon ang nangatatakot sa Panginoon, na
ang kaniyang kagandahang-loob ay magpakailan man. 5
Sa aking kapanglawan ay tumawag ako sa Panginoon:
sinagot ako ng Panginoon, at inilagay ako sa maluwag na
dako. 6 Ang Panginoon ay kakampi ko; hindi ako matatakot:
anong magagawa ng tao sa akin? 7 Ang Panginoon ay
kakampi ko sa gitna nila na nagsisitulong sa akin: kaya't
makikita ko ang nasa ko sa kanila na nangagtatanim sa
akin. 8 Lalong mabuti ang manganlong sa Panginoon
kay sa maglagak ng tiwala sa tao. 9 Lalong mabuti ang
manganlong sa Panginoon kay sa maglagak ng tiwala sa
mga pangulo. 10 Kinubkob ako ng lahat ng mga bansa
sa palibot: sa pangalan ng Panginoon ay aking ihihiwalay
(sila) 11 Kanilang kinubkob ako sa palibot; oo, kanilang
kinubkob ako sa palibot: sa pangalan ng Panginoon ay aking
ihihiwalay (sila) 12 Kanilang kinubkob ako sa palibot na
parang mga pukyutan: sila'y nangamatay na parang apoy ng
mga dawag: sa pangalan ng Panginoon ay aking ihihiwalay
(sila) 13 Itinulak mo akong bigla upang ako'y mabuwal:
nguni't tulungan ako ng Panginoon. 14 Ang Panginoon ay
aking kalakasan at awit; at siya'y naging aking kaligtasan.
15 Ang tinig ng kagalakan at kaligtasan ay nasa mga tolda
ng matuwid: ang kanan ng Panginoon ay gumagawang
matapang. 16 Ang kanan ng Panginoon ay nabunyi; ang
kanan ng Panginoon ay gumagawang matapang. 17 Hindi
ako mamamatay, kundi mabubuhay, at magpapahayag ng
mga gawa ng Panginoon. 18 Pinarusahan akong mainam ng
Panginoon; nguni't hindi niya ako ibinigay sa kamatayan.
19 Buksan ninyo sa akin ang mga pintuan ng katuwiran;
aking papasukan, ako'y magpapasalamat sa Panginoon. 20
Ito'y siyang pintuan ng Panginoon; papasukan ng matuwid.
21 Ako'y magpapasalamat sa iyo, sapagka't sinagot mo
ako! At ikaw ay naging aking kaligtasan. 22 Ang bato na
itinakuwil ng nangagtayo ng bahay ay naging pangulo sa
sulok. 23 Ito ang gawa ng Panginoon: kagilagilalas sa harap
ng ating mga mata. 24 Ito ang araw na ginawa ng Panginoon;
tayo'y mangagagalak at ating katutuwaan. 25 Magligtas
ka ngayon, isinasamo namin sa iyo, Oh Panginoon: Oh
Panginoon, isinasamo namin sa iyo, magsugo ka ngayon
ng kaginhawahan. 26 Mapalad siya na dumarating sa
pangalan ng Panginoon: aming pinuri kayo mula sa bahay
ng Panginoon. 27 Ang Panginoon ay Dios, at binigyan niya
kami ng liwanag; talian ninyo ang hain ng mga panali, sa
makatuwid baga'y sa mga tila sungay ng dambana. 28 Ikaw
ay aking Dios, at magpapasalamat ako sa iyo: ikaw ay aking
Dios, aking ibubunyi ka. 29 Oh mangagpasalamat kayo sa
Panginoon, sapagka't siya'y mabuti: sapagka't ang kaniyang
kagandahang-loob ay magpakailan man.

**119** Mapalad silang sakdal sa lakad, na nagsisilakad
sa kautusan ng Panginoon. 2 Mapalad silang
nangagiingat ng kaniyang mga patotoo, na nagsisihanap
sa kaniya ng buong puso. 3 Oo, silang hindi nagsisigawa
ng kalikuan; sila'y nagsisilakad sa kaniyang mga daan. 4
Iyong iniutos sa amin ang mga tuntunin mo, upang aming
sunding masikap. 5 Oh matatag nawa ang aking mga daan,
upang sundin ang mga palatuntunan mo! 6 Hindi nga ako
mapapahiya, pagka ako'y nagkaroon ng galang sa inyong
lahat na mga utos. 7 Ako'y magpapasalamat sa iyo sa
pamamagitan ng katuwiran ng puso, pagka aking natutuhan
ang mga matuwid mong kahatulan. 8 Aking tutuparin ang
mga palatuntunan mo: Oh huwag mo akong pabayaang
lubos. 9 Sa paano lilinisin ng isang binata ang kaniyang
daan? Sa pagdinig doon ayon sa iyong salita. 10 Hinanap
kita ng aking buong puso: Oh huwag nawa akong malihis
sa iyong mga utos. 11 Ang salita mo'y aking iningatan
sa aking puso: upang huwag akong magkasala laban sa
iyo. 12 Mapalad ka, Oh Panginoon: ituro mo sa akin ang
mga palatuntunan mo. 13 Aking ipinahayag ng aking mga
labi ang lahat ng mga kahatulan ng iyong bibig. 14 Ako'y
nagalak sa daan ng iyong mga patotoo, na gaya ng lahat na
kayamanan. 15 Ako'y magbubulay sa iyong mga tuntunin,
at gagalang sa iyong mga daan. 16 Ako'y magaaliw sa

iyong mga palatuntunan: hindi ko kalilimutan ang iyong
salita. 17 Gawan ng mabuti ang iyong lingkod, upang ako'y
mabuhay; sa gayo'y aking susundin ang iyong salita. 18
Idilat mo ang aking mga mata, upang ako'y makakita ng
kagilagilalas na mga bagay sa iyong kautusan. 19 Ako'y
nakikipamayan sa lupa: huwag mong ikubli ang mga utos
mo sa akin. 20 Ang puso ko'y nadudurog sa pananabik na
tinatamo sa iyong mga kahatulan sa lahat ng panahon. 21
Iyong sinaway ang mga palalong sinumpa, na nagsisihiwalay
sa iyong mga utos. 22 Alisin mo sa akin ang kadustaan at
kakutyaan; sapagka't iningatan ko ang iyong mga patotoo.
23 Mga pangulo naman ay nagsiupo, at naguusap ng laban
sa akin; nguni't ang lingkod mo'y nagbulay sa iyong mga
palatuntunan. 24 Ang mga patotoo mo naman ay aking mga
kaluguran at aking mga tagapayo. 25 Ang kaluluwa ko'y
dumidikit sa alabok: buhayin mo ako ayon sa iyong salita. 26
Aking ipinahayag ang mga lakad ko, at ikaw ay sumagot
sa akin: ituro mo sa akin ang mga palatuntunan mo. 27
Ipaunawa mo sa akin ang daan ng iyong mga tuntunin: sa
gayo'y aking bubulayin ang iyong kagilagilalas na mga gawa.
28 Ang kaluluwa ko'y natutunaw sa kabigatan ng loob: iyong
palakasin ako ayon sa iyong salita. 29 Ilayo mo sa akin ang
daan ng kasinungalingan: at ipagkaloob mo sa aking may
pagbibiyaya ang iyong kautusan. 30 Aking pinili ang daan ng
pagtatapat: ang mga kahatulan mo'y inilagay ko sa harap
ko. 31 Ako'y kumapit sa iyong mga patotoo: Oh Panginoon,
huwag mo akong ilagay sa kahihiyan. 32 Aking tatakbuhan
ang daan ng iyong mga utos, pagka iyong pinalaki ang aking
puso. 33 Ituro mo sa akin, Oh Panginoon, ang daan ng iyong
mga palatuntunan; at aking iingatan hanggang sa wakas. 34
Bigyan mo ako ng pagkaunawa at aking iingatan ang iyong
kautusan; Oo, aking susundin ng aking buong puso. 35
Payaunin mo ako sa landas ng iyong mga utos; sapagka't
siya kong kinaaliwan. 36 Ikiling mo ang aking puso sa iyong
mga patotoo, at huwag sa kasakiman. 37 Alisin mo ang aking
mga mata sa pagtingin ng walang kabuluhan. At buhayin
mo ako sa iyong mga daan. 38 Papagtibayin mo ang iyong
salita sa iyong lingkod, na ukol sa takot sa iyo. 39 Alisin mo
ang aking kadustaan na aking kinatatakutan: sapagka't ang
mga kahatulan mo'y mabuti. 40 Narito, ako'y nanabik sa
iyong mga tuntunin; buhayin mo ako sa iyong katuwiran. 41
Padatingin mo rin sa akin ang iyong mga kagandahang-loob,
Oh Panginoon, sa makatuwid baga'y ang iyong kaligtasan,
ayon sa iyong salita. 42 Sa gayo'y magkakaroon ako ng
kasagutan sa kaniya na dumuduwahagi sa akin; sapagka't
ako'y tumitiwala sa iyong salita. 43 At huwag mong lubos na
kunin ang salita ng katotohanan sa aking bibig; sapagka't
ako'y umasa sa iyong mga kahatulan. 44 Gayon ko susundin
ang iyong kautusan na palagi magpakailan-kailan pa man.
45 At lalakad ako sa kalayaan; sapagka't aking hinanap ang
iyong mga tuntunin. 46 Ako nama'y magsasalita ng iyong
mga patotoo sa harap ng mga hari, at hindi ako mapapahiya.
47 At ako'y maaaliw sa iyong mga utos, na aking iniibig.
48 Akin namang itataas ang aking mga kamay sa iyong
mga utos, na aking inibig; at ako'y magbubulay sa iyong
mga palatuntunan. 49 Iyong alalahanin ang salita sa iyong
lingkod, na doo'y iyong pinaasa ako. 50 Ito'y aking kaaliwan
sa aking pagkapighati: sapagka't binuhay ako ng iyong
salita. 51 Ang palalo ay dumuwahaging mainam sa akin:
gayon ma'y hindi ako hihiwalay sa iyong kautusan. 52 Aking
inalaala ang mga kahatulan mo ng una, Oh Panginoon, at
ako'y nagaliw sa sarili. 53 Maalab na galit ang humawak sa
akin, dahil sa masama na nagpabaya ng iyong kautusan.
54 Ang iyong mga palatuntunan ay naging aking mga awit
sa bahay ng aking pangingibang bayan. 55 Aking inalaala
sa gabi ang pangalan mo, Oh Panginoon, at sinunod ko
ang iyong kautusan. 56 Ito ang tinamo ko, sapagka't aking
iningatan ang mga tuntunin mo. 57 Ang Panginoon ay aking
bahagi: aking sinabi na aking tutuparin ang iyong mga salita.
58 Aking hiniling ang iyong biyaya ng aking buong puso:
magmahabagin ka sa akin ayon sa iyong salita. 59 Ako'y
nagiisip sa aking mga lakad, at ibinalik ko ang aking mga
paa sa iyong mga patotoo. 60 Ako'y nagmadali, at hindi ako
nagmakupad, na sundin ang iyong mga utos. 61 Pinuluputan
ako ng mga panali ng masama; nguni't hindi ko nilimot
ang iyong kautusan. 62 Sa hating gabi ay babangon ako
upang magpasalamat sa iyo, dahil sa iyong mga matuwid
na kahatulan. 63 Ako'y kasama ng lahat na nangatatakot
sa iyo, at ng nagsisitupad ng iyong mga tuntunin. 64 Ang
lupa, Oh Panginoon, ay puno ng iyong kagandahang-loob:
ituro mo sa akin ang iyong mga palatuntunan. 65 Ginawan
mo ng mabuti ang iyong lingkod, Oh Panginoon, ayon sa
iyong salita. 66 Turuan mo ako ng mabuting kahatulan at
kaalaman; sapagka't ako'y sumampalataya sa iyong mga
utos. 67 Bago ako nagdalamhati ay naligaw ako; nguni't
ngayo'y tinutupad ko ang iyong salita. 68 Ikaw ay mabuti,
at gumagawa ng mabuti; ituro mo sa akin ang iyong mga
palatuntunan. 69 Ang palalo ay kumatha ng kabulaanan
laban sa akin: aking tutuparin ang iyong mga tuntunin ng
buong puso ko. 70 Ang puso nila ay matabang gaya ng
sebo; nguni't ako'y naaaliw sa iyong kautusan. 71 Mabuti sa
akin na ako'y napighati; upang aking matutuhan ang mga
palatuntunan mo. 72 Ang kautusan ng iyong bibig ay lalong
mabuti sa akin kay sa libong ginto at pilak. 73 Ginawa ako
at inanyuan ako ng iyong mga kamay: bigyan mo ako ng
unawa, upang matutuhan ko ang iyong mga utos. 74 Silang
nangatatakot sa iyo ay makikita ako, at matutuwa; sapagka't
ako'y umasa sa iyong salita; 75 Talastas ko, Oh Panginoon

na ang mga kahatulan mo ay matuwid, at sa pagtatapat,
iyo akong dinalamhati. 76 Isinasamo ko sa iyo na maging
kaaliwan ko ang iyong kagandahang-loob, ayon sa iyong
salita sa iyong lingkod. 77 Dumating nawa sa akin ang iyong
malumanay na kaawaan upang ako'y mabuhay: sapagka't
ang kautusan mo'y aking kaaliwan. 78 Mahiya ang palalo;
sapagka't dinaig nila ako ng walang kadahilanan: nguni't
ako'y magbubulay sa iyong mga tuntunin. 79 Bumalik nawa
sa akin yaong nangatatakot sa iyo, at silang nangakakakilala
ng iyong mga patotoo. 80 Maging sakdal nawa ang aking
puso sa iyong mga palatuntunan; upang huwag akong
mapahiya. 81 Pinanglulupaypayan ng aking kaluluwa ang
iyong pagliligtas: nguni't umaasa ako sa iyong salita. 82
Pinangangalumatahan ng aking mga mata ang iyong salita,
samantalang aking sinasabi, Kailan mo ako aaliwin? 83
Sapagka't ako'y naging parang balat na lalagyan ng alak
sa usok; gayon ma'y hindi ko kinalilimutan ang iyong mga
palatuntunan. 84 Gaano karami ang mga kaarawan ng
iyong lingkod? Kailan ka gagawa ng kahatulan sa kanila
na nagsisiusig sa akin? 85 Inihukay ako ng palalo ng mga
lungaw na hindi mga ayon sa iyong kautusan. 86 Lahat mong
mga utos ay tapat. Kanilang inuusig ako na may kamalian;
tulungan mo ako. 87 Kanilang tinunaw ako halos sa ibabaw
ng lupa; nguni't hindi ko pinabayaan ang mga tuntunin mo. 88
Buhayin mo ako ayon sa iyong kagandahang-loob; sa gayo'y
aking iingatan ang patotoo ng iyong bibig. 89 Magpakailan
man, Oh Panginoon, ang iyong salita ay natatag sa langit.
90 Ang iyong pagtatapat ay sa lahat ng sali't saling lahi: iyong
itinatag ang lupa, at lumalagi. 91 Namamalagi sa araw na ito
ayon sa iyong mga alituntunin; sapagka't lahat ng bagay ay
mga lingkod mo. 92 Kundi ang kautusan mo'y naging aking
kaaliwan, namatay nga sana ako sa aking kadalamhatian.
93 Hindi ko kalilimutan kailan man ang mga tuntunin mo;
sapagka't sa pamamagitan ng mga yaon ay binuhay mo ako.
94 Ako'y iyo, iligtas mo ako, sapagka't aking hinanap ang
mga tuntunin mo, 95 Inabatan ako ng masama upang ako'y
patayin; nguni't aking gugunitain ang iyong mga patotoo.
96 Aking nakita ang wakas ng buong kasakdalan; nguni't
ang utos mo'y totoong malawak. 97 Oh gaanong iniibig
ko ang iyong kautusan! Siya kong gunita buong araw. 98
Pinarunong ako kay sa aking mga kaaway ng iyong mga
utos; sapagka't mga laging sumasa akin. 99 Ako'y may higit
na unawa kay sa lahat ng tagapagturo sa akin; sapagka't
ang iyong mga patotoo ay gunita ko. 100 Ako'y nakakaunawa
na higit kay sa may katandaan, sapagka't aking iningatan
ang mga tuntunin mo. 101 Aking pinigil ang mga paa ko
sa lahat ng masamang lakad, upang aking masunod ang
salita mo. 102 Ako'y hindi lumihis sa iyong mga kahatulan;
sapagka't iyong tinuruan ako. 103 Pagkatamis ng iyong mga
salita sa aking lasa! Oo, matamis kay sa pulot sa aking bibig!
104 Sa iyong mga tuntunin ay nagkakamit ako ng unawa:
kaya't aking ipinagtatanim ang bawa't lakad na sinungaling.
105 Ang salita mo'y ilawan sa aking mga paa, at liwanag
sa aking landas. 106 Ako'y sumumpa, at pinagtibay ko, na
aking tutuparin ang mga matuwid mong kahatulan. 107 Ako'y
nagdadalamhating mainam: buhayin mo ako, Oh Panginoon,
ayon sa iyong salita. 108 Tanggapin mo, isinasamo ko sa
iyo, ang mga kusang handog ng aking bibig, Oh Panginoon,
at ituro mo sa akin ang mga kahatulan mo. 109 Ang
kaluluwa ko'y laging nasa aking kamay; gayon ma'y hindi ko
kinalilimutan ang kautusan mo. 110 Ipinaglagay ako ng silo
ng masama; gayon ma'y hindi ako lumihis sa iyong mga
tuntunin. 111 Ang mga patotoo mo'y inari kong pinakamana
magpakailanman; sapagka't (sila) ang kagalakan ng aking
puso. 112 Ikiniling ko ang puso ko na ganapin ang mga
palatuntunan mo, magpakailan man, sa makatuwid baga'y
hanggang sa wakas. 113 Ipinagtatanim ko (sila) na may
salawahang pagiisip; nguni't ang iyong kautusan ay iniibig
ko. 114 Ikaw ang kublihan kong dako at kalasag ko: ako'y
umaasa sa iyong salita. 115 Magsihiwalay kayo sa akin,
kayong mga manggagawa ng kasamaan; upang aking
maingatan ang mga utos ng aking Dios. 116 Alalayan mo
ako ayon sa iyong salita, upang ako'y mabuhay; at huwag
mo akong hiyain sa aking pagasa. 117 Alalayan mo ako, at
ako'y maliligtas, at magkakaroon ako ng laging pitagan sa
iyong mga palatuntunan. 118 Inilagay mo sa wala silang
lahat na naliligaw sa iyong mga palatuntunan; sapagka't
ang kanilang pagdaraya ay kasinungalingan. 119 Inaalis
mo ang lahat ng masama sa lupa na gaya ng taing bakal;
kaya't iniibig ko ang mga patotoo mo. 120 Ang laman ko'y
nanginginig dahil sa takot sa iyo; at ako'y takot sa iyong mga
kahatulan. 121 Ako'y gumawa ng kahatulan at kaganapan:
huwag mo akong iwan sa mga mangaapi sa akin. 122 Maging
tagapatnugot ka ng iyong lingkod sa ikabubuti: huwag
mong ipapighati ako sa palalo. 123 Pinangangalumatahan
ng aking mga mata ang iyong pagliligtas, at ang iyong
matuwid na salita. 124 Gawan mo ang lingkod mo ng ayon
sa iyong kagandahang-loob, at ituro mo sa akin ang mga
palatuntunan mo. 125 Ako'y lingkod mo; bigyan mo ako ng
unawa; upang aking maalaman ang mga patotoo mo, 126
Kapanahunan sa Panginoon na gumawa; sapagka't kanilang
niwalang kabuluhan ang kautusan mo. 127 Kaya't aking
iniibig ang mga utos mo ng higit sa ginto, oo, higit sa dalisay
na ginto. 128 Kaya't aking pinahahalagahan na matuwid ang
lahat mong mga tuntunin tungkol sa lahat ng mga bagay;
at ipinagtatanim ko ang bawa't sinungaling na lakad. 129
Ang mga patotoo mo'y kagilagilalas; kayat sila'y iniingatan
ng aking kaluluwa. 130 Ang bukas ng iyong mga salita ay

nagbibigay ng liwanag; nagbibigay ng unawa sa walang
muwang. 131 Aking binuka ng maluwang ang bibig ko, at
ako'y nagbuntong-hininga; sapagka't aking pinanabikan ang
mga utos mo. 132 Manumbalik ka sa akin, at maawa ka
sa akin, gaya ng iyong kinauugaliang gawin sa nagsisiibig
ng iyong pangalan. 133 Itatag mo ang mga hakbang ko
sa iyong salita; at huwag magkaroon ng kapangyarihan
sa akin ang anomang kasamaan. 134 Tubusin mo ako
sa pagpighati ng tao: sa gayo'y aking tutuparin ang mga
tuntunin mo. 135 Pasilangin mo ang mukha mo sa iyong
lingkod; at ituro mo sa akin ang mga palatuntunan mo.
136 Ang mga mata ko'y nagsisiagos ng mga ilog ng tubig;
sapagka't hindi nila tinutupad ang kautusan mo. 137 Matuwid
ka, Oh Panginoon, at matuwid ang mga kahatulan mo. 138
Iniutos mo ang mga patotoo mo sa katuwiran at totoong
may pagtatapat. 139 Tinunaw ako ng aking sikap, sapagka't
kinalimutan ng aking mga kaaway ang mga salita mo. 140
Ang salita mo'y totoong malinis; kaya't iniibig ito ng iyong
lingkod. 141 Ako'y maliit at hinahamak: gayon ma'y hindi
ko kinalilimutan ang mga tuntunin mo. 142 Ang katuwiran
mo ay walang hanggang katuwiran, at ang kautusan mo'y
katotohanan. 143 Kabagabagan at kahirapan ay humawak
sa akin: gayon ma'y ang mga utos mo'y aking kaaliwan. 144
Ang mga patotoo mo'y matuwid magpakailan man: bigyan
mo ako ng unawa at mabubuhay ako. 145 Ako'y tumawag ng
aking buong puso; sagutin mo ako, Oh Panginoon: iingatan
ko ang iyong mga palatuntunan. 146 Ako'y tumawag sa
iyo; iligtas mo ako, at aking tutuparin ang mga patotoo
mo. 147 Ako'y nagpauna sa bukang-liwayway ng umaga,
at dumaing ako: ako'y umasa sa iyong mga salita. 148
Ang mga mata ko'y nanguna sa mga pagpupuyat sa gabi,
upang aking magunita ang salita mo. 149 Dinggin mo ang
tinig ko ayon sa iyong kagandahang-loob: buhayin mo ako,
Oh Panginoon, ayon sa iyong mga kahatulan. 150 Silang
nagsisisunod sa kasamaan ay nagsisilapit; sila'y malayo sa
iyong kautusan. 151 Ikaw ay malapit, Oh Panginoon; at lahat
mong utos ay katotohanan. 152 Nang una'y nakaunawa ako
sa iyong mga patotoo, na iyong pinamalagi magpakailan
man. 153 Pakundanganan mo ang aking kadalamhatian at
iligtas mo ako; sapagka't hindi ko kinalilimutan ang iyong
kautusan. 154 Ipaglaban mo ang aking usap, at iligtas mo
ako: buhayin mo ako ayon sa iyong salita. 155 Kaligtasan ay
malayo sa masama; sapagka't hindi nila hinahanap ang mga
palatuntunan mo. 156 Dakila ang mga malumanay mong
kaawaan, Oh Panginoon: buhayin mo ako ayon sa iyong
mga kahatulan. 157 Marami ang mga manguusig sa akin at
mga kaaway ko; gayon ma'y hindi ako humiwalay sa iyong
mga patotoo. 158 Aking namasdan ang mga magdarayang
manggagawa at ako'y namanglaw; sapagka't hindi nila
sinusunod ang salita mo. 159 Dilidilihin mo kung gaano iniibig
ko ang mga utos mo: buhayin mo ako, Oh Panginoon, ayon
sa iyong kagandahang-loob. 160 Ang kabuoan ng iyong
salita ay katotohanan; at bawa't isa ng iyong matutuwid
na kahatulan ay magpakailan man. 161 Inusig ako ng
mga pangulo ng walang kadahilanan; nguni't ang puso
ko'y nanginginig sa iyong mga salita. 162 Ako'y nagagalak
sa iyong salita, na parang nakakasumpong ng malaking
samsam. 163 Aking pinagtataniman at kinasusuklaman ang
pagsisinungaling; nguni't ang kautusan mo'y aking iniibig.
164 Makapito sa isang araw na pumupuri ako sa iyo, dahil sa
iyong matutuwid na kahatulan. 165 Dakilang kapayapaan
ang tinatamo nila na nagsisiibig ng iyong kautusan. At sila'y
walang kadahilanang ikatitisod. 166 Ako'y umasa sa iyong
pagliligtas, Oh Panginoon. At ginawa ko ang mga utos mo.
167 Sinunod ng aking kaluluwa ang mga patotoo mo; at iniibig
kong mainam, 168 Aking tinupad ang iyong mga tuntunin at
ang iyong mga patotoo; sapagka't lahat ng aking lakad ay
nasa harap mo. 169 Dumating nawa sa harap mo ang aking
daing, Oh Panginoon: bigyan mo ako ng unawa ayon sa
iyong salita. 170 Dumating nawa sa harap mo ang aking
pamanhik: iligtas mo ako ayon sa iyong salita. 171 Tulutang
magbadya ng pagpuri ang aking mga labi; sapagka't itinuturo
mo sa akin ang iyong mga palatuntunan. 172 Awitin ng
aking dila ang iyong salita; sapagka't lahat ng mga utos mo
ay katuwiran. 173 Magsihanda nawa ang iyong kamay na
tulungan ako; sapagka't aking pinili ang iyong mga tuntunin.
174 Aking pinanabikan ang iyong pagliligtas, Oh Panginoon:
at ang iyong kautusan ay aking kaaliwan. 175 Mabuhay
nawa ang aking kaluluwa, at pupuri sa iyo; at tulungan nawa
ako ng iyong mga kahatulan. 176 Ako'y naligaw na parang
tupang nawala; hanapin mo ang iyong lingkod; sapagka't
hindi ko kinalilimutan ang iyong mga utos.

**120** Sa aking kahirapan ay dumaing ako sa Panginoon,
at sinagot niya ako. 2 Iligtas mo ang aking kaluluwa,
Oh Panginoon, sa mga sinungaling na labi, at mula sa
magdarayang dila. 3 Anong maibibigay sa iyo, at anong
magagawa pa sa iyo, ikaw na magdarayang dila? 4 Mga
hasang pana ng makapangyarihan, at mga baga ng enebro.
5 Sa aba ko, na nakikipamayan sa Mesech, na tumatahan ako
sa mga tolda sa Kedar! 6 Malaon ng tinatahanan ng aking
kaluluwa na kasama niyang nagtatanim sa kapayapaan. 7
Ako'y sa kapayapaan: nguni't pagka ako'y nagsasalita, sila'y
sa pakikidigma.

**121** Ititingin ko ang aking mga mata sa mga bundok;
saan baga manggagaling ang aking saklolo? 2 Ang
saklolo sa akin ay nanggagaling sa Panginoon, na gumawa
ng langit at lupa. 3 Hindi niya titiising ang paa mo'y makilos:

siyang nagiingat sa iyo, ay hindi iidlip. 4 Narito, siyang
nagiingat ng Israel hindi iidlip ni matutulog man. 5 Ang
Panginoon ay tagapagingat sa iyo: ang Panginoon ay lilim
mo sa iyong kanan. 6 Hindi ka sasaktan ng araw sa araw,
ni ng buwan man sa gabi. 7 Iingatan ka ng Panginoon sa
lahat ng kasamaan; kaniyang iingatan ang iyong kaluluwa. 8
Iingatan ng Panginoon ang iyong paglabas at ang iyong
pagpasok, mula sa panahong ito at sa magpakailan pa man.

**122** Ako'y natutuwa nang kanilang sabihin sa akin, tayo'y
magsiparoon sa bahay ng Panginoon. 2 Ang mga
paa natin ay nagsisitayo sa loob ng iyong mga pintuang-
bayan, Oh Jerusalem; 3 Jerusalem, na natayo na parang
bayang siksikan: 4 Na inaahon ng mga lipi, sa makatuwid
baga'y ng mga lipi ng Panginoon, na pinaka patotoo sa
Israel, upang magpasalamat sa pangalan ng Panginoon.
5 Sapagka't doo'y nalagay ang mga luklukan na ukol sa
kahatulan, ang mga luklukan ng sangbahayan ni David.
6 Idalangin ninyo ang kapayapaan ng Jerusalem: sila'y
magsisiginhawa na nagsisiibig sa iyo. 7 Kapayapaan nawa
ang sumaloob ng inyong mga kuta, at kaginhawahan sa
loob ng iyong mga palasio. 8 Dahil sa aking mga kapatid at
aking mga kasama, aking sasabihin ngayon, kapayapaan
ang sumaiyong loob. 9 Dahil sa bahay ng Panginoon nating
Dios. Hahanapin ko ang iyong buti.

**123** Sa iyo'y aking itinitingin ang mga mata ko, Oh
sa iyo na nauupo sa mga langit. 2 Narito, kung
paanong tumitingin ang mga mata ng mga alipin sa kamay
ng kanilang panginoon, kung paano ang mga mata ng
alilang babae sa kamay ng kaniyang panginoong babae;
gayon tumitingin ang mga mata namin sa Panginoon naming
Dios, hanggang sa siya'y maawa sa amin. 3 Maawa ka sa
amin, Oh Panginoon, maawa ka sa amin: sapagka't kami
ay lubhang lipos ng kadustaan. 4 Ang aming kaluluwa'y
lubhang lipos ng duwahagi ng mga tiwasay. At ng paghamak
ng palalo.

**124** Kung hindi ang Panginoon ay naging kakampi
natin, sabihin ng Israel ngayon, 2 Kung hindi ang
Panginoon ay naging kakampi natin, nang ang mga tao ay
magsibangon laban sa atin: 3 Nilamon nga nila sana tayong
buhay, nang ang kanilang poot ay mangagalab laban sa
atin: 4 Tinabunan nga sana tayo ng tubig, dinaanan nga
sana ang ating kaluluwa ng agos: 5 Dinaanan nga sana
ang ating kaluluwa ng mga palalong tubig. 6 Purihin ang
Panginoon, na hindi tayo ibinigay na pinaka huli sa kanilang
mga ngipin. 7 Ang kaluluwa natin ay nakatanan na parang
ibon sa silo ng mga manghuhuli: ang silo ay nasira, at tayo
ay nakatanan. 8 Ang saklolo natin ay nasa pangalan ng
Panginoon, na siyang gumawa ng langit at lupa.

**125** Silang nagsisitiwala sa Panginoon ay parang bundok
ng Sion, na hindi maaaring makilos, kundi nananatili
magpakailan man. 2 Kung paanong ang mga bundok na
nangasa palibot ng Jerusalem, gayon ang Panginoon sa
palibot ng kaniyang bayan, mula sa panahong ito at sa
magpakailan man. 3 Sapagka't ang cetro ng kasamaan ay
hindi bubuhatin sa mga matuwid; upang huwag iunat ng mga
matuwid ang kanilang mga kamay sa kasamaan. 4 Gawan
mo ng mabuti, Oh Panginoon, yaong mabubuti, at yaong
matutuwid sa kanilang mga puso. 5 Nguni't sa nagsisiliko
sa kanilang mga likong lakad, ilalabas ng Panginoon na
kasama ng mga manggagawa ng kasamaan. Kapayapaan
nawa ay suma Israel.

**126** Nang dalhin muli ng Panginoon yaong nangagbalik
sa Sion, tayo ay gaya niyaong nangananaginip. 2
Nang magkagayo'y napuno ang bibig natin ng pagtawa, at
ang dila natin ng awit: nang magkagayo'y sinabi nila sa gitna
ng mga bansa, Ginawan (sila) ng Panginoon ng mga dakilang
bagay. 3 Ginawan tayo ng Panginoon ng mga dakilang
bagay; na siyang ating ikinatutuwa. 4 Papanumbalikin mo uli
ang aming nangabihag, Oh Panginoon, na gaya ng mga
batis sa Timugan. 5 (Sila) na nagsisipaghasik na may luha
ay magsisiani na may kagalakan. 6 Siyang lumalabas at
umiiyak, na nagdadala ng binhing itatanim; siya'y di sasalang
babalik na may kagalakan, na dala ang kaniyang mga
tangkas.

**127** Malibang itayo ng Panginoon ang bahay, walang
kabuluhang nagsisigawa ang nagtatayo: malibang
ingatan ng Panginoon ang bayan, walang kabuluhang
gumigising ang bantay. 2 Walang kabuluhan sa inyo na
kayo'y magsibangong maaga, at magpahingang tanghali, at
magsikain ng tinapay ng kapagalan: sapagka't binibigyan
niyang gayon ng pagkakatulog ang kaniyang minamahal.
3 Narito, ang mga anak ay mana na mula sa Panginoon:
at ang bunga ng bahay-bata ay kaniyang ganting-pala. 4
Kung paano ang mga pana sa kamay ng makapangyarihang
lalake, gayon ang mga anak ng kabataan. 5 Maginhawa ang
lalake na pumuno ng kaniyang lalagyan ng pana ng mga
yaon: sila'y hindi mapapahiya, pagka sila'y nakikipagsalitaan
sa kanilang mga kaaway sa pintuang-bayan.

**128** Mapalad ang bawa't isa na natatakot sa Panginoon,
na lumalakad sa kaniyang mga daan. 2 Sapagka't
iyong kakanin ang gawa ng iyong mga kamay: magiging
maginhawa ka, at ikabubuti mo. 3 Ang asawa mo'y magiging
parang mabungang puno ng ubas, sa mga pinakaloob

ng iyong bahay: ang mga anak mo'y parang mga puno ng olibo, sa palibot ng iyong dulang. 4 Narito, na ganito nawa pagpalain ang tao, na natatakot sa Panginoon. 5 Pagpapalain ka ng Panginoon mula sa Sion: at iyong makikita ang buti ng Jerusalem sa lahat na kaarawan ng iyong buhay. 6 Oo, iyong makikita ang mga anak ng iyong mga anak. Kapayapaan nawa'y suma Israel.

**129** Madalas na ako'y dinalamhati nila mula sa aking kabataan, sabihin ngayon ng Israel, 2 Madalas na ako'y dinalamhati nila mula sa aking kabataan: gayon ma'y hindi (sila) nanganaig laban sa akin. 3 Ang mga mangaararo ay nagsiararo sa aking likod; kanilang pinahaba ang kanilang bungkal. 4 Ang Panginoon ay matuwid: kaniyang pinutol ang mga panali ng masama. 5 Mapahiya (sila) at magsitalikod, silang lahat na nangagtatanim ng loob sa Sion. 6 Sila'y maging parang damo sa mga bubungan, na natutuyo bago lumaki: 7 Na hindi pinupuno ng manggagapas ang kaniyang kamay niyaon, ni siyang nagtatali man ng mga bigkis, ang kaniyang sinapupunan. 8 Hindi man sinasabi ng nagsisipagdaan, ang pagpapala ng Panginoon, ay sumainyo nawa; binabasbasan namin kayo sa pangalan ng Panginoon.

**130** Mula sa mga kalaliman ay dumaing ako sa iyo, Oh Panginoon. 2 Panginoon, dinggin mo ang aking tinig: pakinggan ng iyong mga pakinig ang tinig ng aking mga pamanhik. 3 Kung ikaw, Panginoon, magtatanda ng mga kasamaan, Oh Panginoon, sinong tatayo? 4 Nguni't may kapatawarang taglay ka, upang ikaw ay katakutan. 5 Aking hinihintay ang Panginoon, hinihintay ng aking kaluluwa, at sa kaniyang salita ay umaasa ako. 6 Hinihintay ng aking kaluluwa ang Panginoon, ng higit kay sa paghihintay ng bantay sa umaga; Oo, higit kay sa bantay sa umaga. 7 Oh Israel, umasa ka sa Panginoon; sapagka't sa Panginoon ay may kagandahang-loob. 8 At kaniyang tutubusin ang Israel sa lahat niyang kasamaan.

**131** Panginoon, hindi hambog ang aking puso, ni mayabang man ang aking mga mata; ni nagsasanay man ako sa mga dakilang bagay, o sa mga bagay na totoong kagilagilalas sa akin. 2 Tunay na aking itiniwasay at itinahimik ang aking kaluluwa; parang batang inihiwalay sa suso sa kaniyang ina, ang kaluluwa ko ay parang inihiwalay na bata sa suso. 3 Oh Israel, umasa ka sa Panginoon mula sa panahong ito at sa magpakailan pa man.

**132** Panginoon, alalahanin mo para kay David ang lahat niyang kadalamhatian; 2 Kung paanong sumumpa siya sa Panginoon, at nanata sa Makapangyarihan ni Jacob: 3 Tunay na hindi ako papasok sa tabernakulo ng aking bahay, ni sasampa man sa aking higaan, 4 Hindi ako magbibigay ng pagkakatulog sa aking mga mata, o magpapaidlip man sa aking mga talukap-mata; 5 Hanggang sa ako'y makasumpong ng dakong ukol sa Panginoon, ng tabernakulo ukol sa Makapangyarihan ni Jacob. 6 Narito, narinig namin sa Ephrata: aming nasumpungan sa mga parang ng gubat. 7 Kami ay magsisipasok sa kaniyang tabernakulo; kami ay magsisisamba sa harap ng kaniyang tungtungan. 8 Bumangon ka, Oh Panginoon, sa iyong pahingahang dako: ikaw, at ang kaban ng iyong kalakasan. 9 Magsipagsuot ang iyong mga saserdote ng katuwiran; at magsihiyaw ang iyong mga banal dahil sa kagalakan. 10 Dahil sa iyong lingkod na kay David huwag mong ipihit ang mukha ng iyong pinahiran ng langis. 11 Ang Panginoon ay sumumpa kay David sa katotohanan; hindi niya babaligtarin: ang bunga ng iyong katawan ay aking ilalagay sa iyong luklukan. 12 Kung iingatan ng iyong mga anak ang aking tipan. At ang aking patotoo na aking ituturo, magsisiupo naman ang kanilang mga anak sa iyong luklukan magpakailan man. 13 Sapagka't pinili ng Panginoon ang Sion; kaniyang ninasa na pinaka tahanan niya. 14 Ito'y aking pahingahang dako magpakailan man. Dito ako tatahan; sapagka't aking ninasa. 15 Aking pagpapalain siyang sagana sa pagkain; aking bubusugin ng pagkain ang kaniyang dukha. 16 Ang kaniya namang mga saserdote ay susuutan ko ng kaligtasan: at ang kaniyang mga banal ay magsisihiyaw ng malakas sa kagalakan. 17 Doo'y aking pamumukuhin ang sungay ni David: aking ipinaghanda ng ilawan ang aking pinahiran ng langis. 18 Ang kaniyang mga kaaway ay susuutan ko ng kahihiyan: nguni't sa kaniya'y mamumulaklak ang kaniyang putong.

**133** Masdan ninyo, na pagkabuti at pagkaligaya sa mga magkakapatid na magsitahang magkakasama sa pagkakaisa! 2 Parang mahalagang langis sa ulo, na tumutulo sa balbas, sa makatuwid baga'y sa balbas ni Aaron. Na tumulo sa laylayan ng kaniyang mga suot; 3 Gaya ng hamog sa Hermon, na tumutulo sa mga bundok ng Sion: sapagka't doon pinarating ng Panginoon ang pagpapala, sa makatuwid baga'y ang buhay na magpakailan pa man.

**134** Narito, purihin ninyo ang Panginoon, ninyong lahat na lingkod ng Panginoon. Ninyong nagsisitayo sa kinagabihan sa bahay ng Panginoon. 2 Itaas ninyo ang inyong mga kamay sa dakong santuario, at purihin ninyo ang Panginoon. 3 Pagpalain ka nawa ng Panginoon mula sa Sion; sa makatuwid baga'y niyaong gumawa ng langit at lupa.

**135** Purihin ninyo ang Panginoon. Purihin ninyo ang pangalan ng Panginoon; purihin ninyo siya, Oh ninyong mga lingkod ng Panginoon: 2 Ninyong nagsisitayo sa bahay ng Panginoon. Sa mga looban ng bahay ng

ating Dios. 3 Purihin ninyo ang Panginoon; sapagka't ang
Panginoon ay mabuti: magsiawit kayo ng mga pagpuri sa
kaniyang pangalan; sapagka't maligaya. 4 Sapagka't pinili
ng Panginoon para sa kaniya si Jacob, at ang Israel na
kaniyang pinakatanging kayamanan. 5 Sapagka't nalalaman
ko na ang Panginoon ay dakila, at ang ating Panginoon ay
higit sa lahat na dios. 6 Anomang kinalugdan ng Panginoon,
ay kaniyang ginawa, sa langit at sa lupa, sa mga dagat,
at sa lahat ng mga kalaliman. 7 Kaniyang pinailanglang
ang mga singaw na mula sa mga wakas ng lupa; kaniyang
ginagawa ang mga kidlat na ukol sa ulan; kaniyang inilalabas
ang hangin mula sa kaniyang mga ingatang-yaman. 8 Na
siyang sumakit sa mga panganay sa Egipto, sa tao at
gayon din sa hayop. 9 Siya'y nagsugo ng mga tanda at
mga kababalaghan sa gitna mo, Oh Egipto, kay Faraon,
at sa lahat niyang mga lingkod. 10 Na siyang sumakit sa
maraming bansa, at pumatay sa mga makapangyarihang
hari; 11 Kay Sehon na hari ng mga Amorrheo, at kay Og na
hari sa Basan, at sa lahat ng mga kaharian ng Canaan:
12 At ibinigay ang kanilang lupain na pinakamana, isang
pinakamana sa Israel sa kaniyang bayan. 13 Ang iyong
pangalan, Oh Panginoon, ay magpakailan man; ang alaala
sa iyo, Oh Panginoon, ay sa lahat ng sali't saling lahi. 14
Sapagka't hahatulan ng Panginoon ang kaniyang bayan, at
magsisisi tungkol sa kaniyang mga lingkod. 15 Ang mga
diosdiosan ng mga bansa ay pilak at ginto, na gawa ng mga
kamay ng mga tao. 16 Sila'y may mga bibig, nguni't hindi
(sila) nangagsasalita; mga mata ay mayroon (sila) nguni't
hindi (sila) nangakakakita; 17 Sila'y may mga tainga, nguni't
hindi (sila) nangakakarinig; at wala mang anomang hinga
sa kanilang mga bibig. 18 Silang nagsisigawa sa kanila ay
magiging gaya nila; Oo, bawa't tumitiwala sa kanila. 19 Oh
sangbahayan ni Israel, purihin ninyo ang Panginoon: Oh
sangbahayan ni Aaron, purihin ninyo ang Panginoon: 20 Oh
sangbahayan ni Levi, purihin ninyo ang Panginoon: ninyong
nangatatakot sa Panginoon, purihin ninyo ang Panginoon. 21
Purihin ang Panginoon mula sa Sion, na siyang tumatahan
sa Jerusalem. Purihin ninyo ang Panginoon.

**136** Oh mangagpasalamat kayo sa Panginoon; sapagka't
siya'y mabuti: sapagka't ang kaniyang kagandahang-
loob ay magpakailan man. 2 Oh mangagpasalamat kayo sa
Dios ng mga dios: sapagka't ang kaniyang kagandahang-
loob ay magpakailan man. 3 Oh mangagpasalamat kayo
sa Panginoon ng mga panginoon: sapagka't ang kaniyang
kagandahang-loob ay magpakailan man. 4 Sa kaniya
na gumagawang magisa ng mga dakilang kababalaghan:
sapagka't ang kaniyang kagandahang-loob ay magpakailan
man. 5 Sa kaniya na gumawa ng mga langit sa pamamagitan
ng unawa: sapagka't ang kaniyang kagandahang-loob ay
magpakailan man. 6 Sa kaniya na naglalatag ng lupa sa
ibabaw ng tubig: sapagka't ang kaniyang kagandahang-
loob ay magpakailan man. 7 Sa kaniya na gumawa ng mga
dakilang tanglaw; sapagka't ang kaniyang kagandahang-loob
ay magpakailan man: 8 Ng araw upang magpuno sa araw:
sapagka't ang kaniyang kagandahang-loob ay magpakailan
man: 9 Ng buwan at mga bituin upang magpuno sa gabi:
sapagka't ang kaniyang kagandahang-loob ay magpakailan
man. 10 Sa kaniya na sumakit sa Egipto sa kanilang mga
panganay: sapagka't ang kaniyang kagandahang-loob ay
magpakailan man: 11 At kinuha ang Israel sa kanila: sapagka't
ang kaniyang kagandahang-loob ay magpakailan man: 12
Sa pamamagitan ng malakas na kamay, at ng unat na bisig:
sapagka't ang kaniyang kagandahang-loob ay magpakailan
man. 13 Sa kaniya na humawi ng Dagat na Mapula:
sapagka't ang kaniyang kagandahang-loob ay magpakailan
man: 14 At nagparaan sa Israel sa gitna niyaon: sapagka't
ang kaniyang kagandahang-loob ay magpakailan man: 15
Nguni't tinabunan si Faraon at ang kaniyang hukbo sa Dagat
na Mapula: sapagka't ang kaniyang kagandahang-loob ay
magpakailan man. 16 Sa kaniya na pumatnubay ng kaniyang
bayan sa ilang: sapagka't ang kaniyang kagandahang-loob
ay magpakailan man. 17 Sa kaniya na sumakit sa mga
dakilang hari: sapagka't ang kaniyang kagandahang-loob ay
magpakailan man: 18 At pumatay sa mga bantog na hari:
sapagka't ang kaniyang kagandahang-loob ay magpakailan
man: 19 Kay Sehon na hari ng mga Amorrheo; sapagka't
ang kaniyang kagandahang-loob ay magpakailan man:
20 At kay Og na hari sa Basan: sapagka't ang kaniyang
kagandahang-loob ay magpakailan man: 21 At ibinigay ang
kanilang lupain na pinakamana. Sapagka't ang kaniyang
kagandahang-loob ay magpakailan man: 22 Sa makatuwid
baga'y pinakamana sa Israel na kaniyang lingkod: sapagka't
ang kaniyang kagandahang-loob ay magpakailan man. 23
Na siyang umalaala sa atin sa ating mababang kalagayan:
sapagka't ang kaniyang kagandahang-loob ay magpakailan
man: 24 At iniligtas tayo sa ating mga kaaway: sapagka't
ang kaniyang kagandahang-loob ay magpakailan man: 25
Siya'y nagbibigay ng pagkain sa lahat ng kinapal: sapagka't
ang kaniyang kagandahang-loob ay magpakailan man. 26
Oh mangagpasalamat kayo sa Dios ng langit: sapagka't ang
kaniyang kagandahang-loob ay magpakailan man.

**137** Sa tabi ng mga ilog ng Babilonia, doo'y nangaupo
tayo, oo, nagiyak tayo, nang ating maalaala ang
Sion. 2 Sa mga punong sauce sa gitna niyaon ating ibinitin
ang ating mga alpa. 3 Sapagka't doo'y silang nagsibihag
sa atin ay nagsihiling sa atin ng mga awit, at silang
magpapahamak sa atin ay nagsihiling sa atin ng kasayahan,
na nangagsasabi: Awitin ninyo sa amin ang sa mga awit

ng Sion. 4 Paanong aawitin namin ang awit sa Panginoon
sa ibang lupain? 5 Kung kalimutan kita, Oh Jerusalem,
kalimutan nawa ng aking kanan ang kaniyang kasanayan.
6 Dumikit nawa ang aking dila sa ngalangala ng aking
bibig, kung hindi kita alalahanin; kung hindi ko piliin ang
Jerusalem ng higit sa aking pinakapangulong kagalakan. 7
Alalahanin mo Oh Panginoon, laban sa mga anak ni Edom
ang kaarawan ng Jerusalem; na nagsabi, Sirain, sirain, pati
ng patibayan niyaon. 8 Oh anak na babae ng Babilonia,
na sira; magiging mapalad siya, na gumaganti sa iyo na
gaya ng iyong ginawa sa amin. 9 Magiging mapalad siya, na
kukuha at maghahagis sa iyong mga bata sa malaking bato.

**138** Ako'y magpapasalamat sa iyo ng aking buong
puso: sa harap ng mga dios ay aawit ako ng mga
pagpuri sa iyo. 2 Ako'y sasamba sa dako ng iyong banal
na templo, at magpapasalamat sa iyong pangalan, dahil
sa iyong kagandahang-loob at dahil sa iyong katotohanan:
sapagka't iyong pinadakila ang iyong salita sa iyong buong
pangalan. 3 Nang araw na ako'y tumawag ay sinagot mo
ako, iyong pinatapang ako ng kalakasan sa aking kaluluwa.
4 Lahat ng mga hari sa lupa ay mangagpapasalamat sa iyo,
Oh Panginoon, sapagka't kanilang narinig ang mga salita
ng iyong bibig. 5 Oo, sila'y magsisiawit tungkol sa mga
daan ng Panginoon; sapagka't dakila ang kaluwalhatian
ng Panginoon. 6 Sapagka't bagaman ang Panginoon ay
mataas, gumagalang din sa mababa: nguni't ang hambog ay
nakikilala niya mula sa malayo. 7 Bagaman ako'y lumakad
sa gitna ng kabagabagan, iyong bubuhayin ako; iyong iuunat
ang iyong kamay laban sa poot ng aking mga kaaway, at
ililigtas ako ng iyong kanan. 8 Pasasakdalin ng Panginoon
ang tungkol sa akin: ang iyong kagandahang-loob, Oh
Panginoon, ay magpakailan man; huwag mong pabayaan
ang mga gawa ng iyong sariling mga kamay.

**139** Oh Panginoon, iyong siniyasat ako, at nakilala ako.
2 Iyong nakikilala ang aking pag-upo at ang aking
pagtindig, iyong nauunawa ang aking pagiisip sa malayo. 3
Iyong siniyasat ang aking landas at ang aking higaan, at
iyong kilala ang lahat kong mga lakad. 4 Sapagka't wala
pa ang salita sa aking dila, nguni't, narito, Oh Panginoon,
natatalastas mo nang buo. 5 Iyong kinulong ako sa likuran
at sa harapan, at inilapag mo ang iyong kamay sa akin. 6
Ang ganyang kaalaman ay totoong kagilagilalas sa akin;
ito'y mataas, hindi ko maabot. 7 Saan ako paroroon na mula
sa iyong Espiritu? O saan ako tatakas na mula sa iyong
harapan? 8 Kung sumampa ako sa langit, nandiyan ka:
kung gawin ko ang aking higaan sa Sheol, narito, ikaw ay
nandoon. **(Sheol h7585)** 9 Kung aking kunin ang mga pakpak
ng umaga, at tumahan sa mga pinakadulong bahagi ng
dagat; 10 Doon ma'y papatnubayan ako ng iyong kamay, at
ang iyong kanang kamay ay hahawak sa akin. 11 Kung aking
sabihin, Tunay na tatakpan ako ng kadiliman, at ang liwanag
sa palibot ko ay magiging gabi; 12 Ang kadiliman man ay
hindi nakakukubli sa iyo, kundi ang gabi ay sumisilang na
parang araw: ang kadiliman at kaliwanagan ay magkaparis
sa iyo. 13 Sapagka't iyong inanyo ang aking mga lamang
loob: iyo akong tinakpan sa bahay-bata ng aking ina. 14
Ako'y magpapasalamat sa iyo; sapagka't nilalang ako na
kakilakilabot at kagilagilalas: kagilagilalas ang iyong mga
gawa; at nalalamang mabuti ng aking kaluluwa. 15 Ang
katawan ko'y hindi nakubli sa iyo, nang ako'y gawin sa
lihim, at yariing mainam sa mga pinakamababang bahagi sa
lupa. 16 Nakita ng iyong mga mata ang aking mga sangkap
na di sakdal, at sa iyong aklat ay pawang nangasulat,
kahit na ang mga araw na itinakda sa akin, nang wala
pang anoman sa kanila, 17 Pagka mahalaga rin ng iyong
mga pagiisip sa akin, Oh Dios! Pagka dakila ng kabuoan
nila! 18 Kung aking bibilangin, higit (sila) sa bilang kay
sa buhangin: pagka ako'y nagigising ay laging nasa iyo
ako. 19 Walang pagsalang iyong papatayin ang masama,
Oh Dios: hiwalayan nga ninyo ako, Oh mga mabagsik na
tao. 20 Sapagka't sila'y nangagsasalita laban sa iyo ng
kasamaan, at ginagamit ng iyong mga kaaway ang iyong
pangalan sa walang kabuluhan. 21 Hindi ko ba ipinagtatanim
(sila) Oh Panginoon, na nagtatanim sa iyo? At hindi ba
kinapapanglawan ko ang mga yaon na nagsisibangon laban
sa iyo? 22 Aking ipinagtatanim (sila) ng lubos na kapootan:
sila'y naging mga kaaway ko. 23 Siyasatin mo ako, Oh Dios,
at alamin mo ang aking puso; subukin mo ako, at alamin
mo ang aking mga pagiisip: 24 At tingnan mo kung may
anomang lakad ng kasamaan sa akin, at patnubayan mo
ako sa daang walang hanggan.

**140** Iligtas mo ako, Oh Panginoon, sa masamang tao;
ingatan mo ako sa marahas na tao: 2 Na nagaakala
ng kasamaan sa kanilang puso: laging nagpipipisan (sila)
sa pagdidigma. 3 Kanilang inihasa ang kanilang dila na
parang ahas; kamandag ng mga ahas ay nasa kanilang
mga labi. (Selah) 4 Ingatan mo ako, Oh Panginoon, sa mga
kamay ng masama; ingatan mo ako sa marahas na tao: na
nagakalang iligaw ang aking mga hakbang. 5 Ipinagkubli
ako ng palalo ng silo, at ng mga panali; kanilang ipinaglagay
ako ng bating sa tabi ng daan; sila'y naglagay ng mga silo
na ukol sa akin. (Selah) 6 Aking sinabi sa Panginoon. Ikaw
ay Dios ko: Pakinggan mo ang tinig ng aking mga dalangin,
Oh Panginoon. 7 Oh Dios na Panginoon, na kalakasan ng
aking kaligtasan, iyong tinakpan ang ulo ko sa kaarawan
ng pagbabaka. 8 Huwag mong ipagkaloob, Oh Panginoon,
ang mga nasa ng masama; huwag mong papangyarihin

ang kaniyang masamang haka; baka sila'y mangagmalaki.
(Selah) **9** Tungkol sa ulo niyaong nagsisikubkob sa aking
palibot, takpan (sila) ng kasamaan ng kanilang sariling mga
labi. **10** Mahulog sa kanila ang mga bagang nagniningas:
mangahagis (sila) sa apoy; sa mga malalim na hukay, upang
huwag na silang mangakabangon uli. **11** Ang mapagsalita ng
masama ay hindi matatatag sa lupa: huhulihin ng kasamaan
ang marahas na lalake upang ibuwal siya. **12** Nalalaman ko
na aalalayan ng Panginoon ang usap ng nagdadalamhati, at
ang matuwid ng mapagkailangan. **13** Walang pagsalang
ang matuwid ay magpapasalamat sa iyong pangalan: ang
matuwid ay tatahan sa iyong harapan.

**141** Panginoon, ako'y tumawag sa iyo: magmadali ka
sa akin: pakinggan mo ang tinig ko, pagka ako'y
tumatawag sa iyo. **2** Malagay ang aking dalangin na parang
kamangyan sa harap mo; ang pagtataas ng aking mga
kamay na parang hain sa kinahapunan. **3** Maglagay ka ng
bantay, Oh Panginoon, sa harap ng aking bibig; ingatan
mo ang pintuan ng aking mga labi. **4** Huwag mong ikiling
ang aking puso sa anomang masamang bagay, na gumawa
sa mga gawa ng kasamaan na kasama ng mga taong
nagsisigawa ng kasamaan: at huwag mo akong pakanin
ng kanilang mga masarap na pagkain. **5** Sugatan ako ng
matuwid, magiging kagandahan pa ng loob; at sawayin niya
ako, magiging parang langis sa ulo; huwag tanggihan ng
aking ulo: sapagka't sa kanilang kasamaan ay mamamalagi
ang dalangin ko. **6** Ang kanilang mga hukom ay nangahagis
sa mga tabi ng malaking bato; at kanilang maririnig ang aking
mga salita; sapagka't matatamis. **7** Gaya ng kung inaararo
at nabubungkal ang lupa, gayon ang aming mga buto ay
nangangalat sa bibig ng Sheol. **(Sheol h7585)** **8** Sapagka't
ang mga mata ko'y nangasa iyo, Oh Dios na Panginoon:
sa iyo nanganganlong ako; huwag mong iwan ang aking
kaluluwa sa walang magkandili. **9** Iligtas mo ako sa silo na
kanilang inilagay na ukol sa akin, at sa mga silo ng mga
manggagawa ng kasamaan. **10** Mahulog ang masama sa
kanilang sariling mga bating. Habang ako'y nakatatanan.

**142** Ako'y dumadaing ng aking tinig sa Panginoon; ako'y
namamanhik ng aking tinig sa Panginoon. **2** Aking
ibinubugso ang daing ko sa harap niya; aking ipinakilala
sa harap niya ang kabagabagan ko. **3** Nang nanglupaypay
ang diwa ko sa loob ko, nalaman mo ang aking landas.
Sa daan na aking nilalakaran ay pinagkukublihan nila ako
ng silo. **4** Tumingin ka sa aking kanan, at tingnan mo:
sapagka't walang tao na nakakakilala sa akin: kanlungan ay
kulang ako; walang taong lumilingap sa aking kaluluwa. **5**
Ako'y dumaing sa iyo, Oh Panginoon; aking sinabi: Ikaw ay
aking kanlungan, aking bahagi sa lupain ng may buhay. **6**
Pakinggan mo ang aking daing; sapagka't ako'y totoong
nababa: iligtas mo ako sa nagsisiusig sa akin; sapagka't
sila'y malakas kay sa akin. **7** Ilabas mo ang aking kaluluwa
sa bilangguan, upang ako'y makapagpasalamat sa iyong
pangalan: kubkubin ako ng matuwid; sapagka't ikaw ay
gagawang may kagandahang-loob sa akin.

**143** Dinggin mo ang dalangin ko Oh Panginoon;
pakinggan mo ang aking mga pamanhik: sa iyong
pagtatapat ay sagutin mo ako, at sa iyong katuwiran. **2**
At huwag kang masok sa kahatulan na kasama ng iyong
lingkod; sapagka't sa iyong paningin ay walang taong may
buhay na aariing ganap. **3** Sapagka't pinagusig ng kaaway
ang kaluluwa ko; kaniyang sinaktan ang aking buhay ng
lugmok sa lupa: kaniyang pinatahan ako sa mga madilim na
dako, gaya ng mga namatay nang malaon. **4** Kaya't ang
aking diwa ay nanglulupaypay sa loob ko; ang puso ko sa
loob ko ay bagbag. **5** Aking naaalaala ang mga araw ng una;
aking ginugunita ang lahat mong mga gawa: aking binubulay
ang gawa ng iyong mga kamay. **6** Iginawad ko ang aking
mga kamay sa iyo: ang aking kaluluwa ay nananabik sa iyo,
na parang uhaw na lupain. (Selah) **7** Magmadali kang sagutin
mo ako, Oh Panginoon; ang diwa ko'y nanglulupaypay:
huwag mong ikubli ang iyong mukha sa akin; baka ako'y
maging gaya nila na nagsibaba sa hukay. **8** Iparinig mo
sa akin ang iyong kagandahang-loob sa kinaumagahan;
sapagka't sa iyo ako tumitiwala: ipabatid mo sa akin ang
daan na aking dapat lakaran; sapagka't itinaas ko ang aking
kaluluwa sa iyo. **9** Iligtas mo ako, Oh Panginoon, sa aking
mga kaaway: tumatakas ako sa iyo upang ikubli mo ako. **10**
Turuan mo akong gumawa ng iyong kalooban; sapagka't
ikaw ay aking Dios: ang iyong Espiritu ay mabuti; patnubayan
mo ako sa lupain ng katuwiran. **11** Buhayin mo ako, Oh
Panginoon, dahil sa iyong pangalan: sa iyong katuwiran
ay ilabas mo ang aking kaluluwa sa kabagabagan, **12** At
sa iyong kagandahang-loob ay ihiwalay mo ang aking mga
kaaway, at lipulin mo ang lahat na nagsisidalamhati sa aking
kaluluwa; sapagka't ako'y iyong lingkod.

**144** Purihin ang Panginoon na aking malaking bato, na
tinuturuan ang mga kamay ko na makipagdigma, at
ang mga daliri ko na magsilaban: **2** Aking kagandahang-
loob, at aking katibayan, aking matayog na moog, at
aking tagapagligtas; aking kalasag, at siya na doon ako
nanganganlong; na siyang nagpapasuko ng aking bayan
sa akin. **3** Panginoon, ano ang tao, upang iyong kilalanin
siya? O ang anak ng tao, upang iyong pahalagahan siya? **4**
Ang tao ay parang walang kabuluhan: ang kaniyang mga
kaarawan ay parang lilim na napaparam. **5** Ikiling mo ang
iyong mga langit, Oh Panginoon, at bumaba ka: hipuin

mo ang mga bundok, at magsisiusok. **6** Maghagis ka ng
kidlat, at pangalatin mo (sila) suguin mo ang iyong mga
pana, at lituhin mo (sila) **7** Iunat mo ang iyong kamay mula
sa itaas; sagipin mo ako, at iligtas mo ako sa malaking
tubig, sa kamay ng mga taga ibang lupa; **8** Na ang bibig ay
nagsasalita ng karayaan, at ang kanilang kanang kamay ay
kanang kamay ng kabulaanan. **9** Ako'y aawit ng bagong awit
sa iyo, Oh Dios: sa salterio na may sangpung kawad ay
aawit ako ng mga pagpuri sa iyo. **10** Siya ang nagbibigay ng
kaligtasan sa mga hari: na siyang nagligtas kay David na
kaniyang lingkod sa manunugat na tabak. **11** Sagipin mo
ako, at iligtas mo ako sa kamay ng mga taga ibang lupa.
Na ang bibig ay nagsasalita ng karayaan, at ang kanilang
kanang kamay ay kanang kamay ng kabulaanan. **12** Pagka
ang aming mga anak na lalake ay magiging parang mga
pananim na lumaki sa kanilang kabataan; at ang aming mga
anak na babae ay parang mga panulok na bato na inanyuan
ayon sa anyo ng isang palasio. **13** Pagka ang mga kamalig
namin ay puno, na may sarisaring bagay; at ang mga tupa
namin ay nanganganak ng mga libo at mga sangpung libo
sa aming mga parang; **14** Pagka ang mga baka namin ay
napapasanang mabuti; pagka walang salot, at sakuna, at
walang panaghoy sa aming mga lansangan; **15** Maginhawa
ang bayan, na nasa gayong kalagayan: maginhawa ang
bayan na ang Dios ay ang Panginoon.

**145** Ibubunyi kita, Dios ko, Oh Hari; at aking pupurihin
ang pangalan mo magpakailan-kailan pa man. **2**
Araw-araw ay pupurihin kita; at aking pupurihin ang pangalan
mo magpakailan-kailan pa man. **3** Dakila ang Panginoon, at
marapat na purihin; at ang kaniyang kadakilaan ay hindi
masayod. **4** Ang isang lahi ay pupuri ng iyong mga gawa sa
isa. At ipahahayag ang iyong mga makapangyarihang gawa.
**5** Sa maluwalhating kamahalan ng iyong karangalan, at sa
iyong mga kagilagilalas na mga gawa, magbubulay ako. **6**
At ang mga tao ay mangagsasalita ng kapangyarihan ng
iyong kakilakilabot na mga gawa; at aking ipahahayag ang
iyong kadakilaan. **7** Kanilang sasambitin ang alaala sa iyong
dakilang kabutihan, at aawitin nila ang iyong katuwiran. **8**
Ang Panginoon ay mapagbiyaya, at puspos ng kahabagan;
banayad sa pagkagalit, at dakila sa kagandahang-loob. **9**
Ang Panginoon ay mabuti sa lahat; at ang kaniyang mga
malumanay na kaawaan ay nasa lahat niyang mga gawa.
**10** Lahat mong mga gawa ay mangagpapasalamat sa iyo
Oh Panginoon; at pupurihin ka ng iyong mga banal. **11**
Sila'y mangagsasalita ng kaluwalhatian ng iyong kaharian, at
mangungusap ng iyong kapangyarihan; **12** Upang ipabatid sa
mga anak ng mga tao ang kaniyang mga makapangyarihang
gawa, at ang kaluwalhatian ng kamahalan ng kaniyang
kaharian. **13** Ang kaharian mo'y walang hanggang kaharian,
at ang kapangyarihan mo'y sa lahat ng sali't saling lahi. **14**
Inaalalayan ng Panginoon ang lahat na nangabubuwal, at
itinatayo yaong nangasusubasob. **15** Ang mga mata ng lahat
ay nangaghihintay sa iyo; at iyong ibinigay sa kanila ang
kanilang pagkain sa ukol na panahon. **16** Iyong binubuksan
ang iyong kamay, at sinasapatan mo ang nasa ng bawa't
bagay na may buhay. **17** Ang Panginoon ay matuwid sa lahat
niyang daan, at mapagbiyaya sa lahat niyang mga gawa.
**18** Ang Panginoon ay malapit sa lahat na nagsisitawag sa
kaniya, sa lahat na nagsisitawag sa kaniya sa katotohanan.
**19** Kaniyang tutuparin ang nasa nila na nangatatakot sa
kaniya; kaniya ring didinggin ang kanilang daing, at ililigtas
(sila) **20** Iniingatan ng Panginoon ang lahat na nagsisiibig sa
kaniya; nguni't lahat ng masama ay lilipulin niya. **21** Ang
aking bibig ay magsasalita ng kapurihan ng Panginoon; at
purihin ng lahat na laman ang kaniyang banal na pangalan
magpakailan-kailan pa man.

**146** Purihin ninyo ang Panginoon. Purihin mo ang
Panginoon, Oh kaluluwa ko. **2** Samantalang ako'y
nabubuhay ay pupurihin ko ang Panginoon: ako'y aawit
ng mga pagpuri sa aking Dios, samantalang ako'y may
buhay. **3** Huwag ninyong ilagak ang inyong tiwala sa mga
pangulo, ni sa anak man ng tao, na walang pagsaklolo. **4**
Ang hininga niya ay pumapanaw, siya'y nanunumbalik sa
kaniyang pagkalupa; sa araw ding yaon ay mawawala ang
kaniyang pagiisip. **5** Maginhawa ang may pinaka saklolo sa
Dios ni Jacob, na ang pagasa ay nasa Panginoon niyang
Dios: **6** Na gumawa ng langit at lupa, ng dagat, at ng lahat na
nandoon; na nagiingat ng katotohanan magpakailan man: **7**
Na nagsasagawa ng kahatulan sa napipighati; na nagbibigay
ng pagkain sa gutom: pinawawalan ng Panginoon ang mga
bilanggo; **8** Idinidilat ng Panginoon ang mga mata ng bulag;
ibinabangon ng Panginoon ang mga nasusubasob; iniibig
ng Panginoon ang matuwid; **9** Iniingatan ng Panginoon
ang mga taga ibang lupa; kaniyang inaalalayan ang ulila at
babaing bao; nguni't ang lakad ng masama ay kaniyang
ibinabaligtad. **10** Maghahari ang Panginoon magpakailan
man. Ang iyong Dios, Oh Sion, sa lahat ng sali't saling lahi.
Purihin ninyo ang Panginoon.

**147** Purihin ninyo ang Panginoon; sapagka't mabuting
umawit ng mga pagpuri sa ating Dios; sapagka't
maligaya, at ang pagpuri ay nakalulugod. **2** Itinatayo ng
Panginoon ang Jerusalem; kaniyang pinipisan ang mga
natapon na Israel. **3** Kaniyang pinagagaling ang mga
may bagbag na puso, at tinatalian niya ang kanilang mga
sugat. **4** Kaniyang sinasaysay ang bilang ng mga bituin;
siya ang nagbibigay sa kanila ng lahat nilang pangalan.
**5** Dakila ang ating Panginoon, at makapangyarihan sa

kapangyarihan; ang kaniyang unawa ay walang hanggan, 6
Inaalalayan ng Panginoon ang maamo: kaniyang inilulugmok
sa lupa ang masama. 7 Magsiawit kayo sa Panginoon ng
pagpapasalamat; magsiawit kayo sa alpa ng mga pagpuri
sa ating Dios: 8 Na nagtatakip sa mga langit ng mga
alapaap. Na siyang naghahanda ng ulan sa lupa, na
nagpapatubo ng damo sa mga bundok. 9 Siya'y nagbibigay
sa hayop ng kaniyang pagkain. At sa mga inakay na uwak
na nagsisidaing. 10 Siya'y hindi nalulugod sa lakas ng
kabayo: siya'y hindi nasasayahan sa mga paa ng tao. 11 Ang
Panginoon ay naliligaya sa kanila na nangatatakot sa kaniya,
sa nagsisiasa sa kaniyang kagandahang-loob. 12 Purihin
mo ang Panginoon, Oh Jerusalem; purihin mo ang iyong
Dios, Oh Sion. 13 Sapagka't kaniyang pinatibay ang mga
halang ng iyong mga pintuang-bayan; kaniyang pinagpala
ang iyong mga anak sa loob mo. 14 Siya'y gumagawa ng
kapayapaan sa iyong mga hangganan; kaniyang binubusog
ka ng pinakamainam na trigo. 15 Kaniyang sinusugo ang
kaniyang utos sa lupa; ang kaniyang salita ay tumatakbong
maliksi. 16 Siya'y nagbibigay ng nieve na parang balahibo
ng tupa; siya'y nagkakalat ng eskarcha na parang abo. 17
Kaniyang inihahagis na parang putol na maliit ang kaniyang
hielo: sinong makatatagal sa harap ng lamig niyaon? 18
Kaniyang pinahahatdan ng salita, at tinutunaw: kaniyang
pinahihihip ang kaniyang hangin, at ang tubig ay pinaagos.
19 Kaniyang ipinabatid ang kaniyang salita sa Jacob, ang
kaniyang mga palatuntunan at mga kahatulan sa Israel.
20 Siya'y hindi gumawa ng gayon sa alin mang bansa: at
tungkol sa kaniyang mga kahatulan, hindi nila nalaman.
Purihin ninyo ang Panginoon.

**148** Purihin ninyo ang Panginoon. Purihin ninyo ang
Panginoon mula sa mga langit: purihin ninyo siya sa
mga kaitaasan. 2 Purihin ninyo siya, ninyong lahat niyang
mga anghel: purihin ninyo siya, buo niyang hukbo. 3 Purihin
ninyo siya, araw at buwan: purihin ninyo siya, ninyong lahat
na mga bituing maliwanag. 4 Purihin ninyo siya, ninyong
mga langit ng mga langit, at ninyong tubig na nasa itaas
ng mga langit. 5 Purihin nila ang pangalan ng Panginoon:
sapagka't siya'y nagutos, at sila'y nangalikha. 6 Kaniya
rin namang ipinagtatatag magpakailan-kailan man: siya'y
gumawa ng pasiya na hindi mapapawi. 7 Purihin ninyo ang
Panginoon mula sa lupa, Ninyong mga buwaya, at lahat ng
mga kalaliman: 8 Apoy at granizo, nieve at singaw; unos na
hangin, na gumaganap ng kaniyang salita: 9 Mga bundok
at lahat ng mga gulod; mga mabungang kahoy at lahat ng
mga cedro: 10 Mga hayop at buong kawan; nagsisiusad na
bagay at ibong lumilipad: 11 Mga hari sa lupa at lahat ng
mga bayan; mga pangulo at lahat ng mga hukom sa lupa:
12 Mga binata at gayon din ng mga dalaga; mga matanda
at mga bata: 13 Purihin nila ang pangalan ng Panginoon;
sapagka't ang kaniyang pangalan magisa ay nabunyi: ang
kaniyang kaluwalhatian ay nasa itaas ng lupa at mga langit.
14 At itinaas niya ang sungay ng kaniyang bayan, ang papuri
ng lahat niyang mga banal; sa makatuwid baga'y ng mga
anak ni Israel, na bayang malapit sa kaniya. Purihin ninyo
ang Panginoon.

**149** Purihin ninyo ang Panginoon. Magsiawit kayo sa
Panginoon ng bagong awit, at ng kaniyang kapurihan
sa kapisanan ng mga banal. 2 Magalak nawa ang Israel
sa kaniya na lumalang sa kaniya: magalak nawa ang mga
anak ng Sion sa kanilang Hari. 3 Purihin nila ang kaniyang
pangalan sa sayaw: magsiawit (sila) ng mga pagpuri sa
kaniya na may pandereta at alpa. 4 Sapagka't ang Panginoon
ay nalulugod sa kaniyang bayan: kaniyang pagagandahin ng
kaligtasan ang maamo. 5 Pumuri nawa ang mga banal sa
kaluwalhatian: magsiawit (sila) sa kagalakan sa kanilang mga
higaan. 6 Malagay nawa sa kanilang bibig ang pinakamataas
na pagpuri sa Dios, at tabak na may dalawang talim sa
kanilang kamay; 7 Upang magsagawa ng panghihiganti sa
mga bansa, at mga parusa sa mga bayan; 8 Upang talian
ang kanilang mga hari ng mga tanikala, at ang kanilang mga
mahal na tao ng mga panaling bakal; 9 Upang magsagawa
sa kanila ng hatol na nasusulat: mayroon ng karangalang ito
ang lahat niyang mga banal. Purihin ninyo ang Panginoon.

**150** Purihin ninyo ang Panginoon. Purihin ninyo ang Dios
sa kaniyang santuario: purihin ninyo siya sa langit
ng kaniyang kapangyarihan. 2 Purihin ninyo siya dahil sa
kaniyang mga makapangyarihang gawa: purihin ninyo siya
ayon sa kaniyang marilag na kadakilaan. 3 Purihin ninyo siya
ng tunog ng pakakak: purihin ninyo siya ng salterio at alpa. 4
Purihin ninyo siya ng pandereta at sayaw: purihin ninyo siya
ng mga panugtog na kawad at ng flauta. 5 Purihin ninyo siya
ng mga matunog na simbalo. Purihin ninyo siya sa pinaka
matunog na mga simbalo. 6 Purihin ng bawa't bagay na may
hininga ang Panginoon. Purihin ninyo ang Panginoon.

# Mga Kawikaan

**1** Ang mga kawikaan ni Salomon na anak ni David na
hari sa Israel: **2** Upang umalam ng karunungan at turo;
upang bulayin ang mga salita ng pagkaunawa; **3** Upang
tumanggap ng turo sa pantas na paguugali, sa katuwiran, at
kahatulan, at karampatan; **4** Upang magbigay ng katalinuhan
sa musmos. Kaalaman at pagbubulay sa kabataan: **5** Upang
marinig ng pantas, at lumago sa ikatututo: at upang tamuhin
ng taong may unawa ang magagaling na payo: **6** Upang
umunawa ng kawikaan at ng kahulugan; ng mga salita ng
pantas, at ng kanilang malalabong sabi. **7** Ang takot sa
Panginoon ay pasimula ng kaalaman: nguni't ang mangmang
ay humahamak sa karunungan at turo. **8** Anak ko, dinggin
mo ang turo ng iyong ama, at huwag mong pabayaan ang
kautusan ng iyong ina: **9** Sapagka't sila'y magiging tali ng
biyaya sa iyong ulo, at mga kuwintas sa ligid ng iyong leeg.
**10** Anak ko, kung ikaw ay hikayatin ng mga makasalanan,
huwag mong tulutan. **11** Kung kanilang sabihin, sumama ka
sa amin, tayo'y magsibakay sa pagbububo ng dugo, tayo'y
mangagkubli ng silo na walang anomang kadahilanan sa
walang sala; **12** Sila'y lamunin nating buhay na gaya ng
Sheol. At buo, na gaya ng nagsibaba sa lungaw; **(Sheol h7585)**
**13** Tayo'y makakasumpong ng lahat na mahalagang pag-aari,
ating pupunuin ang ating mga bahay ng samsam; **14** Ikaw ay
makikipagsapalaran sa gitna namin; magkakaroon tayong
lahat ng isang supot: **15** Anak ko, huwag kang lumakad sa
daan na kasama nila; pigilin mo ang iyong paa sa kanilang
landas: **16** Sapagka't ang kanilang mga paa ay nagsisitakbo
sa kasamaan, at sila'y nangagmamadali sa pagbububo ng
dugo. **17** Sapagka't walang kabuluhang naladlad ang silo,
sa paningin ng alin mang ibon: **18** At binabakayan ng mga
ito ang kanilang sariling dugo, kanilang ipinagkukubli ng
silo ang kanilang sariling mga buhay. **19** Ganyan ang mga
lakad ng bawa't sakim sa pakinabang; na nagaalis ng buhay
ng mga may-ari niyaon. **20** Karunungan ay humihiyaw na
malakas sa lansangan; kaniyang inilalakas ang kaniyang
tinig sa mga luwal na dako; **21** Siya'y humihiyaw sa mga
pangulong dako na pinaglilipunan; sa pasukan ng mga
pintuang-bayan, sa bayan, kaniyang binibigkas ang kaniyang
mga salita: **22** Hanggang kailan kayong mga musmos,
magsisiibig sa inyong kamusmusan? At ang mga nanunuya
ay maliligaya sa panunuya, at ang mga mangmang ay
mangagtatanim sa kaalaman? **23** Magsibalik kayo sa aking
saway: narito, aking ibubuhos ang aking espiritu sa inyo. **24**
Sapagka't ako'y tumawag, at kayo'y tumanggi: aking iniunat
ang aking kamay, at walang makinig; **25** Kundi inyong iniuwi
sa wala ang buo kong payo, at hindi ninyo inibig ang aking
saway: **26** Ako naman ay tatawa sa kaarawan ng inyong
kasakunaan: ako'y manunuya pagka ang inyong takot ay
dumarating; **27** Pagka ang iyong takot ay dumarating na
parang bagyo. At ang inyong kasakunaan ay dumarating na
parang ipoipo; pagka ang hirap at hapis ay dumating sa inyo.
**28** Kung magkagayo'y tatawag sila sa akin, nguni't hindi ako
sasagot; hahanapin nila akong masikap, nguni't hindi nila ako
masusumpungan: **29** Sapagka't kanilang ipinagtanim ang
kaalaman, at hindi pinili ang takot sa Panginoon. **30** Ayaw sila
ng aking payo; kanilang hinamak ang buo kong pagsaway:
**31** Kaya't sila'y magsisikain ng bunga ng kanilang sariling
lakad, at mabubusog ng kanilang sariling mga kagagawan.
**32** Sapagka't papatayin sila ng pagtalikod ng musmos, at
ang pagkawalang balisa ng mga mangmang ay ang sisira sa
kanila. **33** Nguni't ang nakikinig sa akin ay tatahang tiwasay.
At tatahimik na walang takot sa kasamaan.

**2** Anak ko, kung iyong tatanggapin ang aking mga salita,
at tataglayin mo ang aking mga utos; **2** Na anopa't
iyong ikikiling ang iyong pakinig sa karunungan, at ihihilig
mo ang iyong puso sa pagunawa; **3** Oo, kung ikaw ay
dadaing ng pagbubulay, at itataas mo ang iyong tinig sa
pagunawa; **4** Kung iyong hahanapin siya na parang pilak,
at sasaliksikin mo siyang parang kayamanang natatago.
**5** Kung magkagayo'y iyong mauunawa ang pagkatakot
sa Panginoon, at masusumpungan mo ang kaalaman
ng Dios. **6** Sapagka't ang Panginoon ay nagbibigay ng
karunungan, sa kaniyang bibig nanggagaling ang kaalaman
at kaunawaan: **7** Kaniyang pinapagtataglay ang matuwid ng
magaling na karunungan, siya'y kalasag sa nagsisilakad sa
pagtatapat; **8** Upang kaniyang mabantayan ang mga landas
ng kahatulan, at maingatan ang daan ng kaniyang mga
banal. **9** Kung magkagayo'y mauunawa mo ang katuwiran
at ang kahatulan, at ang karampatan, oo, bawa't mabuting
landas. **10** Sapagka't karunungan ay papasok sa iyong
puso, at kaalaman ay magiging ligaya sa iyong kaluluwa; **11**
Kabaitan ay magbabantay sa iyo, pagkaunawa ay magiingat
sa iyo: **12** Upang iligtas ka sa daan ng kasamaan, sa
mga taong nagsisipagsalita ng mga masamang bagay;
**13** Na nagpapabaya ng mga landas ng katuwiran, upang
magsilakad sa mga daan ng kadiliman; **14** Na nangagagalak
na magsigawa ng kasamaan, at nangaaaliw sa mga karayaan
ng kasamaan, **15** Na mga liko sa kanilang mga lakad, at
mga suwail sa kanilang mga landas: **16** Upang iligtas ka
sa masamang babae, sa makatuwid baga'y sa di kilala na
nanghahalina ng kaniyang mga salita; **17** Na nagpapabaya
sa kaibigan ng kaniyang kabataan, at lumilimot ng tipan
ng kaniyang Dios: **18** Sapagka't ang kaniyang bahay ay
kumikiling sa kamatayan, at ang kaniyang mga landas na
sa patay: **19** Walang naparoroon sa kaniya na bumabalik
uli, ni kanila mang tinatamo ang mga landas ng buhay: **20**

Upang ikaw ay makalakad ng lakad ng mabubuting tao, at
maingatan ang mga landas ng matuwid. 21 Sapagka't ang
matuwid ay tatahan sa lupain, at ang sakdal ay mamamalagi
roon. 22 Nguni't ang masama ay mahihiwalay sa lupain, at
silang nagsisigawang may karayaan ay mangabubunot.

3 Anak ko, huwag mong kalimutan ang aking kautusan;
kundi ingatan ng iyong puso ang aking mga utos: 2
Sapagka't karamihan ng mga araw, at mga taon ng buhay,
at kapayapaan, ay madadagdag sa iyo. 3 Huwag kang
pabayaan ng kaawaan at katotohanan: itali mo sa palibot
ng iyong leeg; ikintal mo sa iyong puso: 4 Sa gayo'y
makakasumpong ka ng lingap at mabuting kaunawaan, sa
paningin ng Dios at ng tao. 5 Tumiwala ka sa Panginoon ng
buong puso mo, at huwag kang manalig sa iyong sariling
kaunawaan: 6 Kilalanin mo siya sa lahat ng iyong mga
lakad, at kaniyang ituturo ang iyong mga landas. 7 Huwag
kang magpakapantas sa iyong sariling mga mata; matakot
ka sa Panginoon, at humiwalay ka sa kasamaan: 8 Magiging
kagalingan sa iyong pusod, at utak sa iyong mga buto. 9
Parangalin mo ang Panginoon ng iyong tinatangkilik, at
ng mga unang bunga ng lahat mong ani: 10 Sa gayo'y
mapupuno ang iyong mga kamalig ng sagana, at ang iyong
mga alilisan ay aapawan ng bagong alak. 11 Anak ko, huwag
mong hamakin ang parusa ng Panginoon; ni mayamot man
sa kaniyang saway: 12 Sapagka't sinasaway ng Panginoon
ang kaniyang iniibig: gaya ng ama sa anak na kaniyang
kinaluluguran. 13 Mapalad ang tao na nakakasumpong
ng karunungan, at ang tao na nagtatamo ng kaunawaan.
14 Sapagka't ang kalakal niya ay maigi kay sa kalakal na
pilak, at ang pakinabang niyaon kay sa dalisay na ginto. 15
Mahalaga nga kay sa mga rubi; at wala sa mga bagay na
mananasa mo sa maihahalintulad sa kaniya, 16 Karamihan
ng mga araw ay nasa kanang kamay niya, sa kaniyang
kaliwang kamay ay mga kayamanan at karangalan. 17 Ang
kaniyang mga daan ay mga daan ng kaligayahan, at lahat
niyang mga landas ay kapayapaan. 18 Siya ay punong
kahoy ng buhay sa mga nanghahawak sa kaniya: at mapalad
ang bawa't isa na nangamamalagi sa kaniya. 19 Nilikha
ng Panginoon ang lupa sa pamamagitan ng karunungan;
itinatag niya ang langit sa pamamagitan ng kaunawaan. 20
Sa kaniyang kaalaman ay nabahagi ang mga kalaliman, at
ang mga alapaap ay nagsipatak ng hamog. 21 Anak ko,
huwag silang mangahiwalay sa iyong mga mata; ingatan mo
ang magaling na karunungan at ang kabaitan; 22 Sa gayo'y
magiging buhay sila sa iyong kaluluwa, at biyaya sa iyong
leeg. 23 Kung magkagayo'y lalakad ka ng iyong lakad na
tiwasay, at ang iyong paa ay hindi matitisod. 24 Pagka ikaw
ay nahihiga, hindi ka matatakot: Oo, ikaw ay mahihiga at
ang iyong tulog ay magiging mahimbing. 25 Huwag kang
matakot ng biglang pagkatakot, ni sa pagkabuwal man ng
masama, pagka dumarating: 26 Sapagka't ang Panginoon
ay magiging iyong pagtitiwala, at iingatan ang iyong paa sa
pagkahuli. 27 Huwag mong ikait ang mabuti sa kinauukulan,
pagka nasa kapangyarihan ng iyong kamay na ito'y gawin.
28 Huwag mong sabihin sa iyong kapuwa, Yumaon ka, at
bumalik uli, at bukas ay magbibigay ako; pagka ikaw ay
mayroon. 29 Huwag kang kumatha ng kasamaan laban
sa iyong kapuwa, na palibhasa't tumatahang tiwasay sa
siping mo. 30 Huwag kang makipagusapin sa kanino man ng
walang kadahilanan, kung hindi siya gumawa ng kasamaan
sa iyo. 31 Huwag kang managhili sa taong marahas, at
huwag kang pumili ng anoman sa kaniyang mga lakad. 32
Sapagka't ang suwail ay kasuklamsuklam sa Panginoon:
nguni't ang kaniyang payo ay kasama ng matuwid. 33 Ang
sumpa ng Panginoon ay nasa bahay ng masama; nguni't
pinagpapala niya ang tahanan ng matuwid. 34 Tunay na
kaniyang dinuduwahagi ang mga mangduduwahagi, nguni't
binibigyan niya ng biyaya ang mababa. 35 Ang pantas
ay magmamana ng kaluwalhatian; nguni't kahihiyan ay
magiging ganti sa mga mangmang.

4 Dinggin ninyo, mga anak ko, ang turo ng ama, at makinig
kayo upang matuto ng kaunawaan: 2 Sapagka't bibigyan
ko kayo ng mabuting aral; huwag ninyong bayaan ang aking
kautusan. 3 Sapagka't ako'y anak sa aking ama, malumanay
at bugtong sa paningin ng aking ina. 4 At tinuruan niya ako, at
nagsabi sa akin: Pigilan ng iyong puso ang aking mga salita;
ingatan mo ang aking mga utos, at mabuhay ka: 5 Magtamo
ka ng karunungan, magtamo ka ng kaunawaan; huwag mong
kalimutan, ni humiwalay man sa mga salita ng aking bibig: 6
Huwag mo siyang pabayaan at iingatan ka niya; ibigin mo
siya at iingatan ka niya. 7 Karunungan ay pinaka pangulong
bagay; kaya't kunin mo ang karunungan: Oo, sa lahat mong
kukunin ay kunin mo ang unawa. 8 Iyong ibunyi siya, at
kaniyang itataas ka: kaniyang dadalhin ka sa karangalan,
pagka iyong niyakap siya. 9 Siya'y magbibigay sa iyong
ulo ng pugong na biyaya: isang putong ng kagandahan ay
kaniyang ibibigay sa iyo. 10 Dinggin mo, Oh anak ko, at
iyong tanggapin ang aking mga sinasabi; at ang mga taon
ng iyong buhay ay magiging marami. 11 Aking itinuro ka
sa daan ng karunungan; aking pinatnubayan ka sa landas
ng katuwiran. 12 Pagka ikaw ay yumayaon hindi magigipit
ang iyong mga hakbang; at kung ikaw ay tumatakbo, hindi
ka matitisod. 13 Hawakan mong mahigpit ang turo; huwag
mong bitawan: iyong ingatan; sapagka't siya'y iyong buhay.
14 Huwag kang pumasok sa landas ng masama, at huwag
kang lumakad ng lakad ng mga masasamang tao. 15 Ilagan
mo, huwag mong daanan; likuan mo, at magpatuloy ka. 16
Sapagka't hindi sila nangatutulog, malibang sila'y nakagawa

ng kasamaan; at ang kanilang tulog ay napapawi, malibang
sila'y makapagpabuwal. **17** Sapagka't sila'y nagsisikain ng
tinapay ng kasamaan, at nagsisiinom ng alak ng karahasan.
**18** Nguni't ang landas ng matuwid ay parang maliyab na
liwanag, na sumisilang ng higit at higit sa sakdal na araw.
**19** Ang lakad ng masama ay parang kadiliman: Hindi nila
nalalaman kung ano ang kanilang kinatitisuran. **20** Anak
ko, makinig ka sa aking mga salita; ikiling mo ang iyong
pakinig sa aking mga sabi. **21** Huwag mangahiwalay sa
iyong mga mata; Ingatan mo sa kaibuturan ng iyong puso.
**22** Sapagka't buhay sa nangakakasumpong, at kagalingan
sa buo nilang katawan. **23** Ingatan mo ang iyong puso ng
buong sikap; sapagka't dinadaluyan ng buhay, **24** Ihiwalay
mo sa iyo ang masamang bibig, at ang mga suwail na labi
ay ilayo mo sa iyo. **25** Tuminging matuwid ang iyong mga
mata, at ang iyong mga talukap-mata ay tuminging matuwid
sa harap mo. **26** Papanatagin mo ang landas ng iyong mga
paa, at mangatatag ang lahat ng iyong lakad. **27** Huwag
kang lumiko sa kanan o sa kaliwa man: ihiwalay mo ang
iyong paa sa kasamaan.

**5** Anak ko, pakinggan mo ang aking karunungan; ikiling mo
ang iyong pakinig sa aking unawa: **2** Upang makapagingat
ka ng kabaitan, at upang ang iyong mga labi ay makapagingat
ng kaalaman. **3** Sapagka't ang mga labi ng masamang babae
ay tumutulo ng pulot, at ang kaniyang bibig ay madulas kay
sa langis: **4** Nguni't ang kaniyang huling wakas ay mapait
kay sa ahenho, matalas na parang tabak na may talim sa
magkabila. **5** Ang kaniyang mga paa ay nagsisibaba sa
kamatayan; ang kaniyang mga hakbang ay nagsisihawak sa
Sheol; **(Sheol h7585)** **6** Na anopa't hindi niya nasusumpungan
ang kapanatagan ng landas ng buhay; ang kaniyang mga
lakad ay hindi panatag, at hindi niya nalalaman. **7** Ngayon
nga, mga anak ko, dinggin ninyo ako, at huwag kayong
magsihiwalay sa mga salita ng aking bibig. **8** Ilayo mo ang
iyong lakad sa kaniya, at huwag kang lumapit sa pintuan ng
kaniyang bahay: **9** Baka mo ibigay ang iyong karangalan sa
iba, at ang iyong mga taon sa mga mabagsik: **10** Baka ang
mga di kilalang babae ay mapuno ng iyong kalakasan; at ang
iyong mga pinagpagalan ay mapasa bahay ng kaapid; **11** At
ikaw ay manangis sa iyong huling wakas, pagka ang iyong
laman at ang iyong katawan ay natunaw, **12** At iyong sabihin,
bakit ko kinayamutan ang turo, at hinamak ng aking puso ang
saway: **13** Ni hindi ko man sinunod ang tinig ng aking mga
tagapagturo, O ikiling ko man ang aking pakinig sa kanila na
mga nagturo sa akin! **14** Ako'y malapit sa lahat ng kasamaan
sa gitna ng kapisanan at ng kapulungan. **15** Uminom ka ng
tubig sa iyong sariling tipunan ng tubig, at sa nagsisiagos na
tubig sa iyong sariling balon. **16** Mananabog ba ang iyong
mga bukal sa kaluwangan, at mga agos ng tubig sa mga
lansangan? **17** Maging iyong magisa, at huwag sa di kilala
na kasama mo. **18** Pagpalain ang iyong bukal; at magalak
ka sa asawa ng iyong kabataan. **19** Gaya ng maibiging usa
at ng masayang usang babae, bigyan kang katiwasayan ng
kaniyang dibdib sa buong panahon; at laging malugod ka sa
kaniyang pagibig. **20** Sapagka't bakit ka malulugod, anak ko,
sa ibang babae, at yayakap sa sinapupunan ng di kilala? **21**
Sapagka't ang mga lakad ng tao ay nasa harap ng mga
mata ng Panginoon, at kaniyang pinapatag ang lahat niyang
mga landas. **22** Ang sarili niyang mga kasamaan ay kukuha
sa masama. At siya'y matatalian ng mga panali ng kaniyang
kasalanan. **23** Siya'y mamamatay sa kakulangan ng turo; at
sa kadahilanan ng kaniyang pagkaulol ay maliligaw siya.

**6** Anak ko, kung ikaw ay naging mananagot sa iyong
kapuwa, kung iyong ikinamay ang iyong kamay sa di
kilala, **2** Ikaw ay nasilo ng mga salita ng iyong bibig, ikaw
ay nahuli ng mga salita ng iyong bibig. **3** Gawin mo ito
ngayon, anak ko, at lumigtas ka, yamang ikaw ay nahulog
sa kamay ng iyong kapuwa: yumaon ka, magpakababa
ka, at mangayupapa ka sa iyong kapuwa. **4** Huwag mong
bigyan ng tulog ang iyong mga mata. O magpaidlip man
sa iyong mga talukap-mata. **5** Lumigtas ka na parang usa
sa kamay ng mangangaso, at parang ibon sa kamay ng
mamimitag. **6** Pumaroon ka sa langgam, ikaw na tamad;
masdan mo ang kaniyang mga lakad at magpakapantas ka:
**7** Na bagaman walang pangulo, tagapamahala, o pinuno, **8**
Naghahanda ng kaniyang pagkain sa taginit, at pinipisan
ang kaniyang pagkain sa pagaani. **9** Hanggang kailan
matutulog ka, Oh tamad? Kailan ka babangon sa iyong
pagkakatulog? **10** Kaunti pang pagkakatulog, kaunti pang
pagkaidlip, kaunti pang paghahalukipkip ng mga kamay
upang matulog: **11** Sa gayo'y ang iyong karalitaan ay darating
na parang magnanakaw, at ang iyong kasalatan na parang
lalaking may sandata. **12** Taong walang kabuluhan, taong
masama, ay siya na lumalakad na may masamang bibig;
**13** Na kumikindat ng kaniyang mga mata, na nagsasalita
ng kaniyang mga paa, na nagsasalita ng kaniyang mga
daliri; **14** Pagdaraya ay nasa kaniyang puso, siya'y laging
kumakatha ng kasamaan; siya'y naghahasik ng pagtatalo.
**15** Kaya't darating na bigla ang kaniyang kasakunaan; sa
kabiglaanan ay mababasag siya, at walang kagamutan. **16**
May anim na bagay na ipinagtatanim ng Panginoon; Oo, pito
na mga kasuklamsuklam sa kaniya: **17** Mga palalong mata,
sinungaling na dila, at mga kamay na nagbububo ng walang
salang dugo; **18** Puso na kumakatha ng mga masamang
akala, mga paa na matulin sa pagtakbo sa kasamaan; **19**
Sinungaling na saksi na nagsasalita ng kabulaanan, at ang
naghahasik ng pagtatalo sa gitna ng magkakapatid. **20** Anak
ko, ingatan mo ang utos ng iyong ama, at huwag mong

kalimutan ang kautusan ng iyong ina: 21 Ikintal mong lagi
sa iyong puso, itali mo sa iyong leeg. 22 Pagka ikaw ay
lumalakad, papatnubay sa iyo; pagka ikaw ay natutulog,
babantay sa iyo; at pagka ikaw ay gumigising, makikipagusap
sa iyo. 23 Sapagka't ang utos ay tanglaw; at ang kautusan
ay liwanag; at ang mga saway na turo ay daan ng buhay: 24
Upang ingatan ka sa masamang babae, Sa tabil ng dila ng
di kilala. 25 Huwag mong pitahin ang kaniyang kagandahan
sa iyong puso; at huwag ka mang hulihin niya ng kaniyang
mga talukap-mata. 26 Sapagka't dahil sa isang masamang
babae ay walang naiiwan sa lalake kundi isang putol na
tinapay: at hinuhuli ng mangangalunya ang mahalagang
buhay. 27 Makakukuha ba ng apoy ang tao sa kaniyang
sinapupunan, at hindi masusunog ang kaniyang mga suot?
28 O makalalakad ba ang sinoman sa mga mainit na baga, at
ang kaniyang mga paa ay hindi mapapaso? 29 Gayon ang
sumisiping sa asawa ng kaniyang kapuwa; sinomang humipo
ay hindi maaaring di parusahan. 30 Hindi hinahamak ng
mga tao ang magnanakaw kung siya'y nagnanakaw, upang
busugin siya pagka siya'y gutom: 31 Nguni't kung siya'y
masumpungan, isasauli niyang makapito; kaniyang ibibigay
ang lahat na laman ng kaniyang bahay. 32 Siyang nagkakamit
ng pangangalunya sa isang babae ay walang bait: ang
gumagawa niyaon ay nagpapahamak sa kaniyang sariling
kaluluwa. 33 Mga sugat at kasiraang puri ang tatamuhin
niya; at ang kaniyang kapintasan ay hindi mapapawi. 34
Sapagka't ang paninibugho ay pagiinit ng tao; at hindi siya
magpapatawad sa kaarawan ng panghihiganti. 35 Hindi niya
pakukundanganan ang anomang tubos; ni magpapahinga
man siyang tuwa, bagaman ikaw ay magbigay ng maraming
suhol.

**7** Anak ko ingatan mo ang aking mga salita, at impukin
mo sa iyo ang aking mga utos. 2 Ingatan mo ang aking
mga utos at mabuhay ka; at ang aking kautusan na parang
itim ng iyong mata. 3 Itali mo sa iyong mga daliri; ikintal
mo sa iyong puso. 4 Sabihin mo sa karunungan, Ikaw ay
aking kapatid na babae; at tawagin mong iyong kamaganak
na babae ang unawa: 5 Upang kanilang maingatan ka sa
babaing masama; sa babaing di kilala na nagtatabil ng
kaniyang mga salita. 6 Sapagka't sa dungawan ng aking
bahay tumitingin ako sa aking solihia; 7 At ako'y tumingin sa
mga musmos, ako'y nagmasid sa mga may kabataan, sa
may kabataang walang bait, 8 Na dumaraan sa lansangan
na malapit sa kaniyang sulok, at siya'y yumaon sa daan
na patungo sa kaniyang bahay; 9 Sa pagtatakip silim, sa
kinagabihan ng araw, sa kalahatian ng gabi, at sa kadiliman.
10 At, narito, doo'y nasalubong niya ang isang babae na
nakagayak ng tila isang patutot, at tuso sa puso. 11 Siya'y
madaldal at matigas ang ulo; ang kaniyang mga paa ay
hindi nagsisitahan sa kaniyang bahay: 12 Ngayo'y nasa mga
lansangan siya, mamaya'y nasa mga luwal na dako siya,
at nagaabang sa bawa't sulok, 13 Sa gayo'y hinahawakan
niya siya at hinahagkan siya, at may mukhang walang hiya
na nagsasabi siya sa kaniya: 14 Mga hain na mga handog
tungkol sa kapayapaan ay sa akin; sa araw na ito ay tinupad
ko ang aking mga panata. 15 Kaya't lumabas ako upang
salubungin ka, hinanap kong masikap ang iyong mukha,
at nasumpungan kita. 16 Aking inilatag ang aking higaan
na may mga coltsong may burda, na yari sa guhitguhit na
kayong lana sa Egipto. 17 At aking pinabanguhan ang aking
higaan ng mira, mga oleo, at sinamomo. 18 Parito ka, tayo'y
magpakasiya sa pagsisintahan hanggang sa kinaumagahan;
magpakasaya tayo sa mga pagsisintahan. 19 Sapagka't ang
lalake ay wala sa bahay, siya'y naglakbay sa malayo: 20
Siya'y nagdala ng supot ng salapi; siya'y uuwi sa bahay
sa kabilugan ng buwan. 21 Kaniyang pinasusuko siya ng
karamihan ng kaniyang mga matamis na salita, hinihila niya
siya ng katabilan ng kaniyang mga labi. 22 Pagdaka ay
sumusunod siya sa kaniya, gaya ng toro na naparoroon
sa patayan, O gaya ng sa mga tanikala sa sawayan sa
mangmang; 23 Hanggang sa lagpasan ng isang palaso ang
kaniyang atay; gaya ng ibong nagmamadali sa bitag, at hindi
nakakaalam na yao'y sa kaniyang buhay. 24 Ngayon nga,
mga anak ko, dinggin ninyo ako, at makinig kayo ng mga
salita ng aking bibig. 25 Huwag humilig ang iyong puso sa
kaniyang mga lakad, huwag kang lumiko sa kaniyang mga
landas. 26 Sapagka't kaniyang inihiga ang maraming may
sugat: Oo, lahat niyang pinatay ay isang makapangyarihang
hukbo. 27 Ang kaniyang bahay ay daang patungo sa Sheol.
Pababa sa mga silid ng kamatayan. **(Sheol h7585)**

**8** Hindi ba umiiyak ang karunungan, at inilalabas ng unawa
ang kaniyang tinig? 2 Sa taluktok ng mga mataas na
dako sa tabi ng daan, sa mga salubungang landas, siya'y
tumatayo; 3 Sa tabi ng mga pintuang-bayan sa pasukan ng
bayan, sa pasukan sa mga pintuan siya'y humihiyaw ng
malakas: 4 Sa inyo, Oh mga lalake, ako'y tumatawag; at ang
aking tinig ay sa mga anak ng mga tao. 5 Oh kayong mga
musmos, magsiunawa kayo ng katalinuhan; at, kayong mga
mangmang, makaunawa kayo sa puso. 6 Kayo'y mangakinig,
sapagka't magsasalita ako ng mga marilag na bagay; at ang
buka ng aking mga labi ay magiging mga matuwid na bagay,
7 Sapagka't ang aking bibig ay sasambit ng katotohanan; at
kasamaan ay karumaldumal sa aking mga labi. 8 Lahat ng
mga salita ng aking bibig ay sa katuwiran; walang bagay na
liko o suwail sa kanila. 9 Pawang malilinaw sa kaniya na
nakakaunawa, at matuwid sa kanila na nangakakasumpong
ng kaalaman. 10 Tanggapin mo ang aking turo at huwag
pilak; at ang kaalaman na higit kay sa dalisay na ginto. 11

Sapagka't ang karunungan ay maigi kay sa mga rubi; at
lahat ng mga bagay na mananasa ay hindi maitutulad sa
kaniya. **12** Akong karunungan ay tumatahan sa kabaitan,
at aking nasusumpungan ang kaalaman at gunita. **13** Ang
pagkatakot sa Panginoon ay ipagtanim ang kasamaan;
Kapalaluan, at kahambugan at masamang lakad, at ang
masamang bibig ay aking ipinagtatanim. **14** Payo ay akin
at magaling na kaalaman: ako'y kaunawaan; ako'y may
kapangyarihan, **15** Sa pamamagitan ko ay naghahari ang
mga hari, at nagpapasiya ng kaganapan ang mga pangulo.
**16** Sa pamamagitan ko ay nagpupuno ang mga pangulo,
at ang mga mahal na tao, sa makatuwid baga'y lahat ng
mga hukom sa lupa. **17** Aking iniibig sila na nagsisiibig
sa akin; at yaong nagsisihanap na masikap sa akin ay
masusumpungan ako. **18** Mga kayamanan at karangalan ay
nasa akin; Oo, lumalaging mga kayamanan at katuwiran.
**19** Ang bunga ko ay maigi kay sa ginto, oo, kay sa dalisay
na ginto; at ang pakinabang sa akin kay sa piling pilak. **20**
Ako'y lumalakad sa daan ng katuwiran, sa gitna ng mga
landas ng kahatulan: **21** Upang aking papagmanahin ng
pag-aari yaong nagsisiibig sa akin, at upang aking mapuno
ang kanilang ingatang-yaman. **22** Inari ako ng Panginoon sa
pasimula ng kaniyang lakad, bago pinasimulan ang kaniyang
mga gawa ng una. **23** Ako'y nalagay mula noong araw
mula ng walang pasimula, bago nalikha ang lupa. **24** Ako'y
nailabas ng wala pang mga kalaliman; nang wala pang
mga bukal na sagana ng tubig. **25** Bago ang mga bundok
ay nalagay, bago ang mga burol ay ako'y nailabas: **26**
Samantalang hindi pa niya nililikha ang lupa, ni ang mga
parang man, ni ang pasimula man ng alabok ng sanglibutan.
**27** Nang kaniyang itatag ang langit nandoon ako: nang
siya'y maglagay ng balantok sa balat ng kalaliman: **28** Nang
kaniyang pagtibayin ang langit sa itaas: nang maging matibay
ang mga bukal ng kalaliman: **29** Nang bigyan niya ang dagat
ng kaniyang hangganan, upang huwag salangsangin ng tubig
ang kaniyang utos: nang kaniyang iayos ang mga patibayan
ng lupa: **30** Nasa siping nga niya ako na gaya ng matalinong
manggagawa: at ako ang kaniyang ligaya sa araw-araw,
na nagagalak na lagi sa harap niya; **31** Na nagagalak sa
kaniyang tinatahanang lupa; at ang aking kaaliwan ay sa
mga anak ng mga tao. **32** Ngayon nga, mga anak ko,
dinggin ninyo ako: sapagka't mapalad ang nangagiingat ng
aking mga daan. **33** Mangakinig kayo ng turo, at kayo'y
magpakapantas, at huwag ninyong tanggihan. **34** Mapalad
ang tao na nakikinig sa akin, na nagbabantay araw-araw sa
aking mga pintuang-bayan, na naghihintay sa mga haligi ng
aking mga pintuan. **35** Sapagka't sinomang nakakasumpong
sa akin, ay nakakasumpong ng buhay. At magtatamo ng
lingap ng Panginoon. **36** Nguni't siyang nagkakasala laban sa
akin ay nagliligaw ng kaniyang sariling kaluluwa; silang lahat
na nangagtatanim sa akin ay nagsisiibig ng kamatayan.

**9** Itinayo ng karunungan ang kaniyang bahay, kaniyang
tinabas ang kaniyang pitong haligi: **2** Pinatay niya ang
kaniyang mga hayop: hinaluan niya ang kaniyang alak;
kaniya namang ginayakan ang kaniyang dulang. **3** Kaniya
namang sinugo ang kaniyang mga alilang babae; siya'y
sumisigaw sa mga pinakapantas na dako sa bayan: **4** Kung
sinoma'y musmos, pumasok dito: tungkol sa kaniya na
mapurol sa pagunawa, sinasabi niya sa kaniya: **5** Kayo'y
magsiparito, magsikain kayo ng aking tinapay, at magsiinom
kayo ng alak na aking hinaluan. **6** Iwan ninyo, ninyong
mga musmos at kayo'y mabuhay; at kayo'y magsilakad sa
daan ng kaunawaan. **7** Siyang sumasaway sa manglilibak
ay nagtataglay ng kahihiyan sa kaniyang sarili: at siyang
sumasaway sa masama ay nagtataglay ng pula sa kaniyang
sarili. **8** Huwag mong sawayin ang manglilibak, baka
ipagtanim ka niya: sawayin mo ang pantas, at kaniyang
iibigin ka. **9** Turuan mo ang pantas, at siya'y magiging lalong
pantas pa: iyong turuan ang matuwid, at siya'y lalago sa
pagkatuto. **10** Ang pagkatakot sa Panginoon ay pasimula ng
karunungan: at ang pagkakilala sa Banal ay kaunawaan. **11**
Sapagka't sa pamamagitan ko ay dadami ang iyong mga
kaarawan, at ang mga taon ng iyong buhay ay magsisidami.
**12** Kung ikaw ay pantas, ikaw ay pantas sa ganang iyong
sarili: at kung ikaw ay manglilibak, ikaw na magisa ang
magpapasan. **13** Ang hangal na babae ay madaldal; siya'y
musmos at walang nalalaman. **14** At siya'y nauupo sa
pintuan ng kaniyang bahay, sa isang upuan sa mga mataas
na dako sa bayan, **15** Upang tawagin ang nangagdadaan, na
nagsisiyaong matuwid ng kanilang mga lakad: **16** Sinomang
musmos ay pumasok dito: at tungkol sa kaniya na mapurol
sa pagunawa, sinasabi niya sa kaniya: **17** Ang mga nakaw
na tubig ay matamis, at ang tinapay na kinakain sa lihim
ay masarap. **18** Nguni't hindi niya nalalaman na ang patay
ay nandoon; na ang mga panauhin niya ay nangasa mga
kalaliman ng Sheol. **(Sheol h7585)**

**10** Mga kawikaan ni Salomon. Ang pantas na anak ay
nakapagpapasaya sa ama: nguni't ang mangmang
na anak ay pasan ng kaniyang ina. **2** Mga kayamanan ng
kasamaan ay hindi napapakinabangan: nguni't ang katuwiran
ay nagliligtas sa kamatayan. **3** Hindi titiisin ng Panginoon
na magutom ang kaluluwa ng matuwid: nguni't kaniyang
itinatakuwil ang nasa ng masama. **4** Siya'y nagiging dukha
na gumagawa ng kamay na walang kasipagan: nguni't
yumayaman ang kamay ng masipag. **5** Siyang nagtitipon sa
taginit ay pantas na anak: nguni't siyang natutulog sa pagaani
ay anak na kahiyahiya. **6** Mga pagpapala ay nangasa ulo

ng matuwid: nguni't tinatakpan ng karahasan ang bibig ng
masama. 7 Ang alaala sa ganap ay pinagpapala: nguni't
ang pangalan ng masama ay mapaparam. 8 Ang pantas sa
puso ay tatanggap ng mga utos: nguni't ang madaldal na
musmos ay mabubuwal. 9 Siyang lumalakad ng matuwid ay
lumalakad na tiwasay: nguni't siyang sumisira ng kaniyang
mga lakad ay makikilala. 10 Siyang kumikindat ng mata
ay nagpapapanglaw: nguni't ang madaldal na musmos
ay mabubuwal. 11 Ang bibig ng matuwid, ay bukal ng
kabuhayan: nguni't tinatakpan ng karahasan ang bibig ng
masama. 12 Ang pagtatanim ay humihila ng mga kaalitan:
nguni't tinatakpan ng pagibig ang lahat ng pagsalangsang.
13 Nasusumpungan sa mga labi ng mabait ang karunungan:
nguni't ang pamalo ay sa likod ng walang unawa. 14 Ang
mga pantas ay nagiimbak ng kaalaman: nguni't ang bibig
ng mangmang ay kasalukuyang ikapapahamak. 15 Ang
kayamanan ng mayaman ay ang kaniyang matibay na bayan:
ang kapahamakan ng dukha ay ang kanilang karalitaan. 16
Ang gawa ng matuwid ay patungo sa buhay; ang bunga ng
dukha ay sa pagkakasala. 17 Nasa daan ng buhay siyang
nakikinig ng saway: nguni't siyang nagpapabaya ng saway
ay nagkakamali. 18 Siyang nagkukubli ng mga pagtatanim
ay sa mga magdarayang labi; at siyang nagpaparatang
ay mangmang. 19 Sa karamihan ng mga salita ay hindi
nagkukulang ng pagsalangsang: nguni't siyang nagpipigil ng
kaniyang mga labi ay gumagawang may kapantasan. 20
Ang dila ng matuwid ay parang piling pilak: ang puso ng
masama ay kaunti ang halaga. 21 Ang mga labi ng matuwid
ay nagpapakain ng marami: nguni't ang mangmang ay
namamatay sa kakulangan ng pagunawa. 22 Ang pagpapala
ng Panginoon, ay nagpapayaman, at hindi niya idinadagdag
ang kapanglawan. 23 Isang paglilibang sa mangmang ang
paggawa ng kasamaan: at gayon ang karunungan sa taong
naguunawa. 24 Ang takot ng masama ay darating sa kaniya:
at ang nasa ng matuwid ay ipagkakaloob. 25 Pagka ang
ipoipo ay dumadaan ay nawawala ang masama: nguni't ang
matuwid ay walang hanggang patibayan. 26 Kung paano
ang suka sa mga ngipin, at kung paano ang usok sa mata,
gayon ang tamad sa mga nagsusugo sa kaniya. 27 Ang
pagkatakot sa Panginoon ay nagpapalaon ng mga kaarawan:
nguni't ang mga taon ng masama ay mangangaunti. 28
Ang pagasa ng matuwid ay magiging kasayahan: nguni't
ang pagasa ng masama ay mawawala. 29 Ang daan ng
Panginoon ay katibayan sa matuwid; nguni't kapahamakan
sa mga manggagawa ng kasamaan. 30 Ang matuwid ay
hindi makikilos kailan man: nguni't ang masama ay hindi
tatahan sa lupain. 31 Ang bibig ng matuwid ay nagbibigay ng
karunungan: nguni't ang magdarayang dila ay ihihiwalay. 32
Nalalaman ng mga labi ng matuwid ang nakalulugod: nguni't
ang bibig ng masama ay nagsasalita ng karayaan.

**11** Ang marayang timbangan ay kasuklamsuklam sa
Panginoon: nguni't ang ganap na timbangan ay
kaniyang kaluguran. 2 Pagka dumarating ang kapalaluan
ay dumarating nga ang kahihiyan: nguni't nasa mababa
ang karunungan. 3 Ang pagtatapat ng mga matuwid ay
papatnubay sa kanila: nguni't ang mga kasuwailan ng
mga taksil ay papatay sa kanila. 4 Ang mga kayamanan
ay walang kabuluhan sa kaarawan ng poot: nguni't ang
katuwiran ay nagliligtas sa kamatayan. 5 Ang katuwiran ng
sakdal ay magtuturo ng kaniyang lakad: nguni't mabubuwal
ang masama dahil sa kaniyang sariling kasamaan. 6
Ang katuwiran ng mga matuwid ay magliligtas sa kanila:
nguni't silang gumagawang may karayaan ay madadakip
sa kanilang sariling kasamaan. 7 Pagka ang masamang
tao ay namamatay, ang kaniyang pag-asa ay mapapasa
pagkapahamak; at ang pagasa ng masama ay nawawala. 8
Ang matuwid ay naliligtas sa kabagabagan, at ang masama
ay dumarating na kahalili niya. 9 Pinapatay ng masama ng
kaniyang bibig ang kaniyang kapuwa: nguni't sa kaalaman
ay maliligtas ang matuwid. 10 Pagka napapabuti ang
mga matuwid ang bayan ay nagagalak: at pagka ang
masama ay namamatay, may hiyawan. 11 Nabubunyi
ang bayan sa pamamagitan ng pagpapala ng matuwid:
nguni't napapahamak sa pamamagitan ng bibig ng masama.
12 Siyang humahamak sa kaniyang kapuwa ay walang
karunungan: nguni't ang taong naguunawa ay tumatahimik.
13 Siyang yumayaong mapaghatid dumapit ay naghahayag
ng mga lihim: nguni't ang may diwang tapat ay nagtatakip
ng bagay. 14 Kung saan walang pantas na pamamahala,
ang bayan ay nababagsak: nguni't sa karamihan ng mga
tagapayo ay may kagalingan. 15 Siyang nananagot sa
di kilala, ay mapapariwara: nguni't siyang nagtatanim sa
pananagot ay tiwasay. 16 Ang mapagbiyayang babae
ay nagiimpok ng karangalan: at ang marahas na lalake
ay pumipigil ng kayamanan. 17 Ang maawaing tao ay
gumagawa ng mabuti sa kaniyang sariling kaluluwa: nguni't
ang taksil ay bumabagabag sa kaniyang sariling laman. 18
Ang masama ay nakikinabang ng mga marayang sahod:
nguni't ang naghahasik ng katuwiran ay nagtatamo ng
tiwasay na ganting pala. 19 Siyang matatag sa katuwiran ay
magtatamo ng buhay: at siyang humahabol ng kasamaan ay
sa kaniyang sariling ikamamatay. 20 Silang suwail sa puso ay
kasuklamsuklam sa Panginoon: nguni't ang gayong sakdal
sa kanilang lakad ay kaniyang kaluguran. 21 Bagaman
ang kamay ay makikikamay, ang masamang tao ay walang
pagsalang parurusahan: nguni't ang binhi ng matuwid ay
maliligtas. 22 Kung paano ang hiyas na ginto sa nguso ng

baboy, gayon ang magandang babae na walang bait. 23
Ang nasa ng matuwid ay buti lamang: nguni't ang hintay ng
masama ay poot. 24 May nagsasabog, at tumutubo pa, at
may humahawak naman ng higit kay sa karampatan, nguni't
nauuwi lamang sa pangangailangan. 25 Ang kaluluwang
mapagbigay ay tataba: at siyang dumidilig ay madidilig din.
26 Siyang humahawak ng trigo ay susumpain siya ng bayan:
nguni't kapurihan ay mapapasaulo niya na nagbibili niyaon.
27 Siyang humahanap na masikap ng mabuti ay humahanap
ng lingap: nguni't siyang kumakatha ng sama ay sa kaniya
lalagpak. 28 Siyang tumitiwala sa kaniyang mga kayamanan
ay mabubuwal: nguni't ang matuwid ay mamumukadkad
na parang sariwang dahon. 29 Siyang bumabagabag ng
kaniyang sariling sangbahayan ay magmamana ng hangin:
at ang mangmang ay magiging alipin ng pantas sa puso.
30 Ang bunga ng matuwid ay punong kahoy ng buhay; at
siyang pantas ay humihikayat ng mga kaluluwa. 31 Narito,
ang matuwid ay gagantihin sa lupa: gaano pa nga kaya ang
masama at makasalanan!

**12** Sinomang umiibig ng kasawayan ay umiibig ng
kaalaman: nguni't siyang nagtatanim sa kasawayan
ay hangal. 2 Ang mabuting tao ay magtatamo ng lingap
ng Panginoon: nguni't kaniyang parurusahan ang taong
may masasamang katha. 3 Ang tao ay hindi matatag sa
pamamagitan ng kasamaan: nguni't ang ugat ng matuwid
ay hindi makikilos. 4 Ang mabait na babae ay putong
sa kaniyang asawa: nguni't siyang nakahihiya ay parang
kabulukan sa kaniyang mga buto. 5 Ang mga pagiisip
ng matuwid ay ganap: nguni't ang mga payo ng masama
ay magdaraya. 6 Ang mga salita ng masama ay mga
bakay sa dugo: nguni't ililigtas sila ng bibig ng matuwid.
7 Ang masama ay inilulugmok at nawawala: nguni't ang
sangbahayan ng matuwid ay tatayo. 8 Pupurihin ang tao
ayon sa kaniyang karunungan: nguni't ang masama sa
puso ay hahamakin. 9 Maigi siyang pinahahalagahan ng
kaunti, at may alipin, kay sa nagmamapuri, at kinukulang
ng tinapay. 10 Ang matuwid ay nagpapakundangan sa
buhay ng kaniyang hayop: nguni't ang mga kaawaan ng
masama ay mabagsik. 11 Siyang bumubukid ng kaniyang
lupain ay magkakaroon ng saganang tinapay: nguni't siyang
sumusunod sa taong walang kabuluhan ay walang unawa.
12 Ninanasa ng masama ang lambat ng mga masamang
tao: nguni't ang ugat ng matuwid ay nagbubunga. 13 Nasa
pagsalangsang ng mga labi ang silo sa mga masamang
tao: nguni't ang matuwid ay lalabas sa kabagabagan. 14
Ang tao ay masisiyahan ng buti sa pamamagitan ng bunga
ng kaniyang bibig; at ang mga gawain ng mga kamay ng
tao ay babayaran sa kaniya. 15 Ang lakad ng mangmang
ay matuwid sa kaniyang sariling mga mata: nguni't siyang
pantas ay nakikinig sa payo. 16 Ang yamot ng mangmang
ay agad nakikilala: nguni't ang mabait na tao ay nagtatakip
ng kahihiyan. 17 Ang nagbabadya ng katotohanan ay
nagpapakilala ng katuwiran, nguni't ang sinungaling sa saksi
ay nagdadaya. 18 May nagsasalitang madalas na parang
saliwan ng tabak: nguni't ang dila ng pantas ay kagalingan.
19 Ang labi ng katotohanan ay matatatag kailan man.
Nguni't ang sinungaling na dila ay sa sangdali lamang. 20
Pagdaraya ay nasa puso ng mga kumakatha ng kasamaan:
nguni't sa mga tagapayo ng kapayapaan ay kagalakan. 21
Walang mangyayaring kapahamakan sa matuwid: nguni't ang
masama ay mapupuno ng kasamaan. 22 Mga sinungaling
na labi ay kasuklamsuklam sa Panginoon: nguni't ang
nagsisigawang may katotohanan ay kaniyang kaluguran. 23
Ang taong mabait ay nagkukubli ng kaalaman: nguni't ang
puso ng mga mangmang ay nagtatanyag ng kamangmangan.
24 Ang kamay ng masipag ay magpupuno: nguni't ang tamad
ay malalagay sa pagatag. 25 Ang kabigatan sa puso ng tao ay
nagpapahukot; nguni't ang mabuting salita ay nagpapasaya.
26 Ang matuwid ay patnubay sa kaniyang kapuwa: nguni't
ang lakad ng masama ay nakapagpapaligaw. 27 Ang tamad
ay hindi nagiihaw ng kahit kaniyang napapangasuhan; nguni't
ang mahalagang pag-aari ng tao ay sa mga masisipag. 28
Nasa daan ng katuwiran ang buhay; at sa kaniyang landas
ay walang kamatayan.

**13** Dinidinig ng pantas na anak ang turo ng kaniyang ama:
nguni't hindi dinidinig ng mangduduwahagi ang saway.
2 Ang tao ay kakain ng mabuti ayon sa bunga ng kaniyang
bibig: nguni't ang magdaraya ay kakain ng karahasan, 3
Siyang nagiingat ng kaniyang bibig, nagiingat ng kaniyang
buhay: nguni't siyang nagbubukang maluwang ng kaniyang
mga labi ay magkakaroon ng kapahamakan. 4 Ang tamad
ay nagnanasa, at walang anoman: nguni't ang kaluluwa
ng masipag ay tataba. 5 Ang matuwid ay nagtatanim sa
pagsisinungaling: nguni't ang masama ay kasuklamsuklam,
at napapahiya. 6 Bumabantay ang katuwiran sa matuwid na
lakad; nguni't inilulugmok ng kasamaan ang makasalanan. 7
May nagpapakayaman, gayon ma'y walang anoman: may
nagpapakadukha, gayon ma'y may malaking kayamanan. 8
Ang katubusan sa buhay ng tao ay siyang kaniyang mga
kayamanan: nguni't ang dukha ay hindi nakikinig sa banta. 9
Ang ilaw ng matuwid ay nagagalak: nguni't ang ilawan ng
masama ay papatayin. 10 Sa kapalaluan, ang dumarating
ay pagtatalo lamang: nguni't ang karunungan ay nangasa
nangaturuang maigi. 11 Ang kayamanang tinangkilik sa
walang kabuluhan ay huhupa: nguni't siyang nagpipisan sa
paggawa ay mararagdagan. 12 Ang pagasa na nagluluwat ay
nagpapasakit ng puso: nguni't pagka ang nasa ay dumarating
ay punong kahoy ng buhay. 13 Sinomang humamak sa

salita ay nagdadala ng kapahamakan sa sarili: nguni't
siyang natatakot sa utos ay gagantihin. **14** Ang kautusan ng
pantas ay bukal ng buhay, upang lumayo sa mga silo ng
kamatayan. **15** Ang mabuting kaunawaan ay nagbibigay
lingap: nguni't ang lakad ng mananalangsang ay mahirap.
**16** Bawa't mabait na tao ay gumagawang may kaalaman:
nguni't ang mangmang ay nagkakalat ng kamangmangan.
**17** Ang masamang sugo ay nahuhulog sa kasamaan: nguni't
ang tapat na sugo ay kagalingan. **18** Karalitaan at kahihiyan
ang tatamuhin ng nagtatakuwil ng saway: nguni't siyang
nakikinig ng saway ay magkakapuri. **19** Ang nasa na natupad
ay matamis sa kaluluwa: nguni't kasuklamsuklam sa mga
mangmang na humiwalay sa kasamaan. **20** Lumalakad ka na
kasama ng mga pantas na tao, at ikaw ay magiging pantas;
nguni't ang kasama ng mga mangmang ay mapapariwara.
**21** Ang kasamaan ay humahabol sa mga makasalanan;
nguni't ang matuwid ay gagantihan ng mabuti. **22** Ang mabuti
ay nagiiwan ng mana sa mga anak ng kaniyang mga anak;
at ang kayamanan ng makasalanan ay nalalagay na ukol
sa matuwid. **23** Maraming pagkain ang nasa pagsasaka
ng dukha: nguni't may napapahamak dahil sa kawalan ng
kaganapan. **24** Siyang naguurong ng kaniyang pamalo
ay napopoot sa kaniyang anak: nguni't siyang umiibig ay
nagpaparusang maminsan-minsan. **25** Ang matuwid ay
kumakain hanggang sa kabusugan ng kaniyang kaluluwa;
nguni't ang tiyan ng masama ay mangangailangan.

**14** Bawa't pantas na babae ay nagtatayo ng kaniyang
bahay: nguni't binubunot ng mangmang, ng kaniyang
sariling mga kamay. **2** Siyang lumalakad sa kaniyang
katuwiran ay natatakot sa Panginoon: nguni't siyang suwail sa
kaniyang mga lakad ay humahamak sa kaniya. **3** Sa bibig ng
mangmang ay may tungkod ng kapalaluan: nguni't ang mga
labi ng pantas ay mangagiingat ng mga yaon. **4** Kung saan
walang baka, ang bangan ay malinis: nguni't ang karamihan
ng bunga ay nasa kalakasan ng baka. **5** Ang tapat na saksi
ay hindi magbubulaan: nguni't ang sinungaling na saksi ay
nagbabadya ng mga kasinungalingan. **6** Ang manglilibak
ay humahanap ng karunungan at walang nasusumpungan:
nguni't ang kaalaman ay madali sa kaniya na naguunawa.
**7** Paroon ka sa harapan ng taong mangmang, at hindi
mo mamamalas sa kaniya ang mga labi ng kaalaman: **8**
Ang karunungan ng mabait ay makaunawa ng kaniyang
lakad: nguni't ang kamangmangan ng mga mangmang ay
karayaan. **9** Ang mangmang ay tumutuya sa sala: nguni't sa
matuwid ay may mabuting kalooban. **10** Nalalaman ng puso
ang kaniyang sariling kapaitan; at ang tagaibang lupa ay
hindi nakikialam ng kaniyang kagalakan. **11** Ang bahay ng
masama ay mababagsak: nguni't ang tolda ng matuwid ay
mamumukadkad. **12** May daan na tila matuwid sa isang tao,
nguni't ang dulo niyaon ay mga daan ng kamatayan. **13**
Maging sa pagtawa man ang puso ay nagiging mapanglaw;
at ang wakas ng kasayahan ay kabigatan ng loob. **14** Ang
tumatalikod ng kaniyang puso ay mabubusog ng kaniyang
sariling mga lakad: at masisiyahang loob ang taong mabuti.
**15** Pinaniniwalaan ng musmos ang bawa't salita: nguni't ang
mabait ay tumitinging mabuti sa kaniyang paglakad. **16** Ang
pantas ay natatakot at humihiwalay sa kasamaan: nguni't ang
mangmang ay nagpapakilalang palalo, at timawa. **17** Siyang
nagagalit na madali ay gagawang may kamangmangan:
at ang taong may masamang katha ay ipagtatanim. **18**
Ang musmos ay nagmamana ng kamangmangan: nguni't
ang mabait ay puputungan ng kaalaman. **19** Ang masama
ay yumuyukod sa harap ng mabuti; at ang masama ay
sa mga pintuang-daan ng matuwid. **20** Ipinagtatanim ang
dukha maging ng kaniyang kapuwa: nguni't ang mayaman
ay maraming kaibigan. **21** Siyang humahamak sa kaniyang
kapuwa ay nagkakasala: nguni't siyang naaawa sa dukha ay
mapalad siya. **22** Hindi ba sila nagkakamali na kumakatha
ng kasamaan? Nguni't kaawaan at katotohanan ay sasa
kanila na nagsisikatha ng mabuti. **23** Sa lahat ng gawain
ay may pakinabang: nguni't ang tabil ng mga labi ay
naghahatid sa karalitaan. **24** Ang putong ng mga pantas ay
ang kanilang mga kayamanan: nguni't ang kamangmangan
ng mga mangmang ay kamangmangan lamang. **25** Ang
tapat na saksi ay nagliligtas ng mga tao: nguni't siyang
nagsasalita ng mga kasinungalingan ay nagdaraya. **26** Sa
pagkatakot sa Panginoon ay may matibay na pagkakatiwala:
at ang kaniyang mga anak ay magkakaroon ng dakong
kanlungan. **27** Ang pagkatakot sa Panginoon ay bukal ng
kabuhayan, upang humiwalay sa mga silo ng kamatayan.
**28** Nasa karamihan ng bayan ang kaluwalhatian ng hari:
nguni't na sa pangangailangan ng bayan ang kapahamakan
ng pangulo. **29** Siyang makupad sa pagkagalit ay may
dakilang paguunawa: nguni't siyang madaling magalit
ay nagbubunyi ng kamangmangan. **30** Ang tiwasay na
puso ay buhay ng katawan: nguni't ang kapanaghilian ay
kabulukan ng mga buto. **31** Siyang pumipighati sa dukha
ay humahamak sa Maylalang sa kaniya. Nguni't siyang
naaawa sa mapagkailangan ay nagpaparangal sa kaniya.
**32** Ang masama ay manahagis sa kaniyang masamang
gawa: nguni't ang matuwid ay may kanlungan sa kaniyang
kamatayan. **33** Karunungan ay nagpapahinga sa puso
niya na may paguunawa: nguni't ang nasa loob ng mga
mangmang ay nalalaman. **34** Ang katuwiran ay nagbubunyi
ng bansa: nguni't ang kasalanan ay kakutyaan sa alinmang
bayan. **35** Ang lingap ng hari ay sa lingkod na gumagawa na
may kapantasan: nguni't ang kaniyang poot ay magiging
laban sa nakahihiya.

**15** Ang malubay na sagot ay nakapapawi ng poot: nguni't
ang mabigat na salita ay humihila ng galit. **2** Ang dila
ng pantas ay nagbabadya ng tuos ng kaalaman: nguni't ang
bibig ng mga mangmang ay nagbubugso ng kamangmangan.
**3** Ang mga mata ng Panginoon ay nasa bawa't dako, na
nagbabantay sa masama at sa mabuti. **4** Ang dilang magaling
ay punong kahoy ng buhay: nguni't ang kalikuan niyaon ay
kasiraan ng diwa. **5** Hinahamak ng mangmang ang saway ng
kaniyang ama: nguni't siyang nagpapakundangan ng saway
ay gumagawang may kabaitan. **6** Sa bahay ng matuwid
ay maraming kayamanan: nguni't sa mga pakinabang ng
masama ay kabagabagan. **7** Ang mga labi ng pantas ay
nagsasabog ng kaalaman: nguni't ang puso ng mangmang
ay hindi gayon. **8** Ang hain ng masama ay kasuklamsuklam
sa Panginoon: nguni't ang dalangin ng matuwid ay kaniyang
kaluguran. **9** Ang lakad ng masama ay kasuklamsuklam sa
Panginoon: nguni't iniibig niya ang sumusunod sa katuwiran.
**10** May mabigat na saway sa kaniya, na nagpapabaya ng
lakad: at siyang nagtatanim sa saway ay mamamatay.
**11** Sheol at kapahamakan ay nasa harap ng Panginoon:
gaanong higit pa nga ang mga puso ng mga anak ng mga
tao! **(Sheol h7585)** **12** Ayaw ang manglilibak na siya'y sawayin.
Siya'y hindi paroroon sa pantas. **13** Ang masayang puso ay
nagpapasaya ng mukha: nguni't sa kapanglawan ng puso ay
nababagbag ang diwa. **14** Ang puso niyaong naguunawa
ay humahanap ng kaalaman: nguni't ang bibig ng mga
mangmang ay kumakain ng kamangmangan. **15** Lahat ng
mga araw sa nagdadalamhati ay masama: nguni't siyang
may masayang puso ay may laging kapistahan. **16** Maigi ang
kaunti na may pagkatakot sa Panginoon, kay sa malaking
kayamanan na may kabagabagan. **17** Maigi ang pagkaing
gulay na may pagibig, kay sa matabang baka at may
pagtataniman. **18** Ang mainiting tao ay humihila ng pagtatalo:
nguni't siyang makupad sa galit ay pumapayapa ng kaalitan.
**19** Ang daan ng tamad ay gaya ng bakuran na mga dawag:
nguni't ang landas ng matuwid ay ginagawang maluwang
na lansangan. **20** Ang pantas na anak ay nagpapasaya
ng ama: nguni't hinahamak ng mangmang ang kaniyang
ina. **21** Ang kamangmangan ay kagalakan sa walang bait:
nguni't pinatutuwid ng maalam ang kaniyang lakad. **22**
Kung saan walang payo ay nagugulo ang mga panukala:
nguni't sa karamihan ng mga tagapayo ay nangatatatag.
**23** Ang tao ay may kagalakan sa sagot ng kaniyang bibig:
at ang salita sa ukol na panahon, ay anong pagkabuti! **24**
Sa pantas ay paitaas ang daan ng buhay, upang kaniyang
mahiwalayan ang Sheol sa ibaba. **(Sheol h7585)** **25** Bubunutin
ng Panginoon ang bahay ng palalo: nguni't kaniyang itatatag
ang hangganan ng babaing bao. **26** Ang mga masamang
katha ay kasuklamsuklam sa Panginoon: nguni't ang mga
maligayang salita ay dalisay. **27** Siyang sakim sa pakinabang
ay bumabagabag ng kaniyang sariling sangbahayan: nguni't
siyang nagtatanim sa mga suhol ay mabubuhay. **28** Ang
puso ng matuwid ay nagbubulay ng isasagot: nguni't ang
bibig ng masama ay nagbubugso ng mga masamang bagay.
**29** Ang Panginoon ay malayo sa masama: nguni't kaniyang
dinidinig ang dalangin ng matuwid. **30** Ang liwanag ng mga
mata ay nagpapagalak ng puso: at ang mabubuting balita ay
nagpapataba ng mga buto. **31** Ang taingang nakikinig sa
saway ng buhay, ay tatahan sa gitna ng pantas. **32** Siyang
tumatanggi sa saway ay humahamak sa kaniyang sariling
kaluluwa: nguni't siyang nakikinig sa saway ay nagtatamo
ng kaawaan. **33** Ang pagkatakot sa Panginoon ay turo ng
karunungan; at sa unahan ng karangalan ay nagpapauna
ang pagpapakumbaba.

**16** Ang mga paghahanda ng puso ay ukol sa tao: nguni't
ang sagot ng dila ay mula sa Panginoon. **2** Ang lahat
ng mga lakad ng tao ay malinis sa harap ng kaniyang sariling
mga mata: nguni't tinitimbang ng Panginoon ang mga diwa.
**3** Iukol mo sa Panginoon ang iyong mga gawa, at ang iyong
mga panukala ay matatatag. **4** Ginawa ng Panginoon ang
bawa't bagay na ukol sa kaniyang sariling wakas: Oo, pati
ng masama na ukol sa kaarawan ng kasamaan. **5** Bawa't
palalo sa puso ay kasuklamsuklam sa Panginoon: bagaman
maghawakan sa kamay ay walang pagsalang parurusahan. **6**
Sa pamamagitan ng kaawaan at katotohanan ay nalilinis ang
kasamaan: at sa pamamagitan ng pagkatakot sa Panginoon
ay humihiwalay ang mga tao sa kasamaan. **7** Pagka ang
mga lakad ng tao ay nakapagpapalugod sa Panginoon,
kaniyang tinitiwasay sa kaniya pati ng kaniyang mga kaaway.
**8** Maigi ang kaunti na may katuwiran kay sa malalaking
pakinabang na walang kaganapan. **9** Ang puso ng tao
ay kumakatha ng kaniyang lakad: nguni't ang Panginoon
ang nagtutuwid ng kaniyang mga hakbang. **10** Banal na
hatol ay nasa mga labi ng hari: at kaniyang bibig ay hindi
sasalangsang sa kahatulan. **11** Ang ganap na timbangan at
panimbang ay sa Panginoon: lahat ng timbang na supot
ay kaniyang gawa. **12** Kasuklamsuklam sa mga hari na
gumawa ng kasamaan: sapagka't ang luklukan ay natatatag
sa pamamagitan ng katuwiran. **13** Mga matuwid na labi ay
kaluguran ng mga hari; at kanilang iniibig ang nagsasalita
ng matuwid. **14** Ang poot ng hari ay gaya ng mga sugo ng
kamatayan: nguni't papayapain ng pantas. **15** Nasa liwanag
ng mukha ng hari ang buhay; at ang kaniyang lingap ay
parang alapaap ng huling ulan. **16** Pagkaigi nga na magtamo
ng karunungan kay sa ginto! Oo, magtamo ng kaunawaan ay
maigi kay sa pumili ng pilak. **17** Ang maluwang na lansangan
ng matuwid ay humiwalay sa kasamaan: siyang nagiingat
ng kaniyang lakad ay nagiingat ng kaniyang kaluluwa. **18**

Ang kapalaluan ay nagpapauna sa kapahamakan, at ang
mapagmataas na diwa ay sa pagkabuwal. **19** Maigi ang
magkaroon ng mapagpakumbabang loob na kasama ng
dukha, kay sa bumahagi ng samsam na kasama ng palalo.
**20** Siyang nagiingat sa salita ay makakasumpong ng mabuti:
at ang nananalig sa Panginoon ay mapalad. **21** Ang pantas
sa puso ay tatawaging mabait: at ang katamisan sa mga
labi ay nagdaragdag ng katututuhan. **22** Ang kaunawaan ay
bukal ng buhay sa nagtatamo: nguni't ang saway ng mga
mangmang ay siyang kanilang kamangmangan. **23** Ang puso
ng pantas ay nagtuturo sa kaniyang bibig, at nagdaragdag
ng katututuhan sa kaniyang mga labi. **24** Mga maligayang
salita ay parang pulot-pukyutan, matamis sa kaluluwa at
kagalingan sa mga buto. **25** May daan na tila matuwid sa tao,
nguni't ang dulo niyaon ay mga daan ng kamatayan. **26** Ang
gana ng pagkain ng manggagawang tao ay nakagagaling
sa kaniya; sapagka't kinasasabikan ng kaniyang bibig. **27**
Ang walang kabuluhang tao ay kumakatha ng kahirapan:
at sa kaniyang mga labi ay may masilakbong apoy. **28**
Ang magdarayang tao ay nagkakalat ng pagtatalo: at ang
mapaghatid-dumapit ay naghihiwalay ng magkakaibigang
matalik. **29** Ang taong marahas ay dumadaya sa kaniyang
kapuwa, at pinapatnubayan niya siya sa daang hindi mabuti.
**30** Ikinikindat ang kaniyang mga mata, upang kumatha ng
mga magdarayang bagay: siyang nangangagat labi ay
nagpapangyari sa kasamaan. **31** Ang ulong may uban ay
putong ng kaluwalhatian, masusumpungan sa daan ng
katuwiran. **32** Siyang makupad sa pagkagalit ay maigi kay sa
makapangyarihan; at siyang nagpupuno sa kaniyang diwa ay
maigi kay sa sumasakop ng isang bayan. **33** Ginagawa ang
pagsasapalaran sa kandungan; nguni't ang buong pasiya
niyaon ay sa Panginoon.

**17** Maigi ang isang tuyong subo at may katahimikan, kay
sa bahay na may laging pistahan na may kaalitan. **2**
Ang lingkod na gumagawang may kapantasan ay nagpupuno
sa anak na nakahihiya, at siya'y makakabahagi sa mana ng
magkakapatid. **3** Ang dalisayan ay sa pilak, at ang hurno ay
sa ginto: nguni't sinusubok ng Panginoon ang mga puso. **4**
Ang manggagawa ng kasamaan ay nakikinig sa masasamang
labi; at ang sinungaling ay nakikinig sa masamang dila. **5**
Sinomang tumutuya sa dukha ay dumudusta sa Maylalang
sa kaniya: at ang natutuwa sa kasakunaan ay walang
pagsalang parurusahan. **6** Ang mga anak ng mga anak ay
putong ng mga matatandang tao; at ang kaluwalhatian ng
mga anak ay ang kanilang mga magulang. **7** Ang marilag na
pananalita ay hindi nagiging mabuti sa mangmang: lalo na
ang magdarayang mga labi, sa isang pangulo. **8** Ang suhol
ay parang mahalagang bato sa mga mata ng nagtatamo:
saan man pumihit ay gumiginhawa. **9** Ang nagtatakip ng
pagsalangsang ay humahanap ng pagibig: nguni't ang
nagdadadaldal tungkol sa anoman ay naghihiwalay ng
magkakaibigang matalik. **10** Ang saway ay nanasok na
taimtim sa isang naguunawa, kay sa isang daang hampas
sa mangmang. **11** Ang hinahanap lamang ng masamang
tao ay panghihimagsik; kaya't isang mabagsik na sugo ay
susuguin laban sa kaniya. **12** Masalubong ang tao ng oso na
nanakawan ng kaniyang mga anak, maigi kay sa mangmang
sa kaniyang kamangmangan. **13** Sinomang gumaganti ng
kasamaan sa mabuti, kasamaan ay hindi hihiwalay sa
kaniyang bahay. **14** Ang pasimula ng pagkakaalit ay gaya ng
pagbuga ng tubig: kaya't iwan ninyo ang pagtatalo, bago
maginit sa pagkakaalit. **15** Siya na umaaring ganap sa
masama, at siya na nagpaparusa sa matuwid, kapuwa sila
kasuklamsuklam sa Panginoon. **16** Bakit may halaga sa
kamay ng mangmang upang ibili ng karunungan, gayong
wala siyang pagkaunawa? **17** Ang kaibigan ay umiibig sa
lahat ng panahon, at ang kapatid ay ipinanganak na ukol sa
kasakunaan. **18** Ang taong walang unawa ay nakikikamay,
at nagiging mananagot sa harapan ng kaniyang kapuwa. **19**
Ang umiibig sa pagsalangsang ay umiibig sa pagkakaalit:
ang nagtataas ng kaniyang pintuan ay humahanap ng
kapahamakan. **20** Siyang may magdarayang puso ay hindi
nakakasumpong ng mabuti: at siyang may suwail na dila ay
nahuhulog sa karalitaan. **21** Ang nanganganak ng mangmang
ay sa kaniyang kapanglawan: at ang ama ng mangmang ay
walang kagalakan. **22** Ang masayang puso ay mabuting
kagamutan: nguni't ang bagbag na diwa ay tumutuyo ng
mga buto. **23** Ang masama ay tumatanggap ng suhol mula
sa sinapupunan, upang ipahamak ang daan ng kahatulan.
**24** Karunungan ay nasa harap ng mukha ng naguunawa:
nguni't ang mga mata ng mangmang ay nasa mga wakas ng
lupa. **25** Ang mangmang na anak ay hirap sa kaniyang ama,
at kapaitan sa nanganak sa kaniya. **26** Parusahan naman
ang matuwid ay hindi mabuti, ni saktan man ang mahal
na tao dahil sa kanilang katuwiran. **27** Siyang nagtitipid
ng kaniyang mga salita ay may kaalaman: at siyang may
diwang malamig ay taong naguunawa. **28** Ang mangmang
man, pagka siya'y tumatahimik, ay nabibilang na pantas:
pagka kaniyang tinitikom ang kaniyang mga labi, ay inaari
siyang mabait.

**18** Ang humihiwalay ay humahanap ng sarili niyang
nasa, at nakikipagtalo laban sa lahat na magaling na
karunungan. **2** Ang mangmang ay walang kaluguran sa
paguunawa, kundi maihayag lamang ang kaniyang puso. **3**
Pagka ang masama ay dumarating, dumarating din naman
ang paghamak, at kasama ng kutya ang pagkaduwahagi.
**4** Ang mga salita ng bibig ng tao ay parang malalim na
tubig; ang bukal ng karunungan ay parang umaagos na

batis. 5 Igalang ang pagkatao ng masama ay hindi mabuti,
ni iligaw man ang matuwid sa kahatulan. 6 Ang mga labi
ng mangmang ay nanasok sa pagkakaalit, at tinatawag ng
kaniyang bibig ang mga hampas. 7 Ang bibig ng mangmang
ay kaniyang kapahamakan, at ang kaniyang mga labi ay silo
ng kaniyang kaluluwa. 8 Ang mga salita ng mga mapaghatid-
dumapit ay parang mga masarap na subo, at nagsisibaba sa
pinakaloob ng tiyan. 9 Siya mang walang bahala sa kaniyang
gawain ay kapatid siya ng maninira. 10 Ang pangalan ng
Panginoon ay matibay na moog: tinatakbuhan ng matuwid
at naliligtas. 11 Ang yaman ng mayamang tao ay ang
kaniyang matibay na bayan, at gaya ng matayog na kuta
sa kaniyang sariling isip, 12 Bago ang pagkapahamak ay
pagmamalaki ng puso ng tao, at bago ang karangalan ang
pagpapakumbaba. 13 Ang sumasagot bago makinig, ay
kamangmangan at kahihiyan sa kaniya. 14 Aalalayan ng diwa
ng tao ang kaniyang sakit; nguni't ang bagbag na diwa sinong
nakapagdadala? 15 Ang puso ng mabait ay nagtatamo
ng kaalaman; at ang pakinig ng pantas ay humahanap ng
kaalaman. 16 Ang kaloob ng tao ay nagbubukas ng daan sa
kaniya, at dinadala siya sa harap ng mga dakilang tao. 17
Ang nakikipaglaban ng kaniyang usap na una ay tila ganap;
nguni't dumarating ang kaniyang kapuwa at sinisiyasat siya.
18 Ang pagsasapalaran ay nagpapatigil ng mga pagtatalo, at
naghihiwalay sa gitna ng mga makapangyarihan. 19 Ang
kapatid na nasaktan sa kalooban ay mahirap mabawi kay
sa matibay na bayan: at ang gayong mga pagtatalo ay
parang mga halang ng isang kastilyo. 20 Ang tiyan ng tao
ay mabubusog ng bunga ng kaniyang bibig; sa bunga ng
kaniyang mga labi ay masisiyahan siya. 21 Kamatayan at
buhay ay nasa kapangyarihan ng dila; at ang nagsisiibig sa
kaniya ay magsisikain ng kaniyang bunga. 22 Sinomang
lalaking nakakasumpong ng asawa ay nakasumpong ng
mabuting bagay, at nagtatamo ng lingap ng Panginoon.
23 Ang dukha ay gumagamit ng mga pamanhik: nguni't
ang mayaman ay sumasagot na may kagilasan. 24 Ang
nagpaparami ng mga kaibigan ay sa kaniyang sariling
kapahamakan: nguni't may kaibigan na mahigit kay sa isang
kapatid.

**19** Maigi ang dukha na lumalakad sa kaniyang pagtatapat
kay sa suwail sa kaniyang mga labi at mangmang.
2 Gayon din ang kaluluwa na walang kaalaman ay hindi
mabuti; at siyang nagmamadali ng kaniyang mga paa ay
nagkakasala. 3 Ang kamangmangan ng tao ay sumisira ng
kaniyang lakad; at ang kaniyang puso ay nagagalit laban
sa Panginoon. 4 Ang kayamanan ay nagdadagdag ng
maraming kaibigan: nguni't ang dukha ay hiwalay sa kaniyang
kaibigan. 5 Ang sinungaling na saksi ay walang pagsalang
parurusahan; at ang nagsasalita ng mga kasinungalingan ay
hindi makatatahan. 6 Marami ang mamamanhik ng lingap sa
magandang-loob: at bawa't tao ay kaibigan ng nagbibigay
ng mga kaloob. 7 Ipinagtatanim siya ng lahat ng kapatid ng
dukha: gaano pa nga kaya ang ilalayo sa kaniya ng kaniyang
mga kaibigan! Kaniyang hinahabol sila ng mga salita, nguni't
wala na sila. 8 Siyang nagiimpok ng karunungan ay umiibig
sa kaniyang sariling kaluluwa: siyang nagiingat ng pagunawa
ay makakasumpong ng mabuti. 9 Ang sinungaling na saksi
ay walang pagsalang parurusahan; at ang nagbabadya
ng mga kasinungalingan ay mamamatay. 10 Maayos na
pamumuhay ay hindi magaling sa mangmang; lalo na sa
alipin na magpuno sa mga pangulo. 11 Ang bait ng tao
ay nagpapakupad sa galit. At kaniyang kaluwalhatian na
paraanin ang pagsalangsang. 12 Ang poot ng hari ay parang
ungal ng leon; nguni't ang kaniyang lingap ay parang hamog
sa damo. 13 Ang mangmang na anak ay kapanglawan
ng kaniyang ama: at ang mga pakikipagtalo ng asawa
ay walang likat na tulo. 14 Bahay at mga kayamanan ay
minamana sa mga magulang: nguni't ang mabait na asawa
ay galing sa Panginoon. 15 Katamaran ay nagbabaon sa
mahimbing na pagkakatulog; at ang tamad na kaluluwa
ay magugutom. 16 Ang nagiingat ng utos ay nagiingat ng
kaniyang kaluluwa: nguni't ang walang babala sa kaniyang
mga lakad ay mamamatay. 17 Ang naaawa sa dukha ay
nagpapautang sa Panginoon, at ang kaniyang mabuting
gawa ay babayaran sa kaniya uli. 18 Parusahan mo ang
iyong anak, dangang may pagasa; at huwag mong ilagak
ang iyong puso sa kaniyang ikapapahamak. 19 Ang taong
may malaking poot ay magtataglay ng parusa: sapagka't
kung iyong iligtas iyong marapat na gawin uli. 20 Makinig ka
ng payo, at tumanggap ka ng turo, upang ikaw ay maging
pantas sa iyong huling wakas. 21 May maraming katha sa
puso ng tao; nguni't ang payo ng Panginoon, ay siyang
tatayo. 22 Yaong nakagagawa sa isang tao upang siya'y
maging kanaisnais ay ang kaniyang kagandahang-loob: at
ang isang dukha ay maigi kay sa isang sinungaling. 23 Ang
pagkatakot sa Panginoon ay patungo sa kabuhayan; at ang
nagtatangkilik noon ay tatahang may kasiyahan: hindi siya
dadalawin ng kasamaan. 24 Idinadampot ng tamad ang
kaniyang kamay sa pinggan, at hindi na magsusubo pa
sa kaniyang bibig uli. 25 Iyong saktan ang manglilibak, at
ang musmos ay magaaral ng kabaitan: at iyong sawayin
ang naguunawa, at siya'y makakaunawa ng kaalaman.
26 Ang sumasamsam sa kaniyang ama, at nagpapalayas
sa kaniyang ina, ay anak na nakakahiya at nagdadala ng
kakutyaan. 27 Magtigil ka, anak ko, sa pakikinig ng aral na
nagliligaw lamang mula sa mga salita ng kaalaman. 28 Ang
walang kabuluhang saksi ay lumilibak sa kahatulan: at ang
bibig ng masama ay lumalamon ng kasamaan. 29 Ang mga

kahatulan ay nahahanda sa mga manglilibak, at ang mga
hampas ay sa mga likod ng mga mangmang.

**20** Ang alak ay manunuya, ang matapang na alak ay
manggugulo; at sinomang napaliligaw sa kaniya ay
hindi pantas. 2 Ang kakilabutan ng hari ay parang ungal ng
leon: ang namumungkahi sa kaniya sa galit ay nagkakasala
laban sa kaniyang sariling buhay. 3 Karangalan sa tao ang
magingat sa pakikipagkaalit: nguni't bawa't mangmang ay
magiging palaaway. 4 Ang tamad ay hindi magaararo dahil
sa tagginaw; kaya't siya'y magpapalimos sa pagaani, at
wala anoman. 5 Payo sa puso ng tao ay parang malalim na
tubig; nguni't iibigin ng taong naguunawa. 6 Maraming tao ay
magtatanyag bawa't isa ng kaniyang sariling kagandahang-
loob: nguni't sinong makakasumpong sa taong tapat? 7
Ang ganap na tao na lumalakad sa kaniyang pagtatapat,
mapapalad ang kaniyang mga anak na susunod sa kaniya.
8 Ang hari na nauupo sa luklukan ng kahatulan pinananabog
ng kaniyang mga mata ang lahat na kasamaan. 9 Sinong
makapagsasabi, nilinis ko ang aking puso, ako'y dalisay sa
aking kasalanan? 10 Mga iba't ibang panimbang, at mga iba't
ibang takalan, kapuwa mga karumaldumal sa Panginoon. 11
Ang bata man ay nagpapakilala sa kaniyang mga gawa, kung
ang kaniyang gawa ay magiging malinis, at kung magiging
matuwid. 12 Ang nakikinig na tainga, at ang nakakakitang
mata, kapuwa ginawa ng Panginoon. 13 Huwag mong ibigin
ang pagtulog, baka ka madukha; idilat mo ang iyong mga
mata, at mabubusog ka ng tinapay. 14 Walang halaga,
walang halaga, sabi ng mamimili: nguni't pagka nakalayo
siya, naghahambog nga. 15 May ginto, at saganang mga
rubi: nguni't ang mga labi ng kaalaman ay mahalagang
hiyas. 16 Kunin mo ang kaniyang suot na nananagot sa
di kilala; at tanggapan mo ng sanla ang nananagot sa
mga di kilala. 17 Tinapay ng kasinungalingan ay matamis
sa tao: nguni't pagkatapos ay mabubusog ang kaniyang
bibig ng batong lapok. 18 Bawa't panukala ay natatatag sa
pamamagitan ng payo: at sa pamamagitan ng pantas na
pamamatnubay ay makikipagdigma ka. 19 Ang yumayaong
mapaghatid-dumapit ay naghahayag ng mga lihim: kaya't
huwag kang makisalamuha sa kaniya na nagbubukang
maluwang ng kaniyang mga labi. 20 Siyang sumusumpa
sa kaniyang ama o sa kaniyang ina, ang kaniyang ilawan
ay papatayin sa salimuot na kadiliman. 21 Ang mana ay
matatamong madali sa pasimula; nguni't ang wakas niyao'y
hindi pagpapalain. 22 Huwag mong sabihin, ako'y gaganti
ng kasamaan: maghintay ka sa Panginoon, at kaniyang
ililigtas ka. 23 Mga iba't ibang panimbang ay karumaldumal
sa Panginoon; at ang sinungaling na timbangan ay hindi
mabuti. 24 Ang mga lakad ng tao ay sa Panginoon; paano
ngang mauunawa ng tao ang kaniyang lakad? 25 Silo nga
sa tao ang magsabi ng walang pakundangan, banal nga,
at magsiyasat pagkatapos ng mga panata. 26 Ang pantas
na hari ay nagpapapanabog ng masama. At dinadala sa
kanila ang gulong na panggiik. 27 Ang diwa ng tao ay
ilawan ng Panginoon, na sumisiyasat ng mga pinakaloob na
bahagi ng tiyan. 28 Kagandahang-loob at katotohanan ay
nagpapalagi sa hari: at ang kaniyang luklukan ay inaalalayan
ng kagandahang-loob. 29 Ang kaluwalhatian ng mga binata
ay ang kanilang kalakasan: at ang kagandahan ng matanda
ay ang ulong may uban. 30 Ang mga latay na sumasakit ay
lumilinis ng kasamaan: at ang mga hampas ay dinaramdam
sa mga pinakaloob na bahagi ng tiyan.

**21** Ang puso ng hari ay nasa kamay ng Panginoon
na parang mga batis: kumikiling saan man niya
ibigin. 2 Bawa't lakad ng tao ay matuwid sa kaniyang
sariling mga mata: nguni't tinitimbang ng Panginoon ang
mga puso. 3 Gumawa ng kaganapan at kahatulan ay
lalong kalugodlugod sa Panginoon kay sa hain. 4 Ang
mapagmataas na tingin, at ang palalong puso, siyang
ilaw ng masama, ay kasalanan. 5 Ang mga pagiisip
ng masipag ay patungo sa kasaganaan lamang: nguni't
bawa't nagmamadali ay sa pangangailangan lamang. 6
Ang pagtatamo ng mga kayamanan sa pamamagitan ng
sinungaling na dila ay singaw na tinatangay na paroo't parito
noong nagsisihanap ng kamatayan. 7 Ang pangdadahas
ng masama ay siya ring papalis sa kanila; sapagka't sila'y
nagsitangging magsigawa ng kahatulan. 8 Ang lakad ng
nagpapasan ng sala ay lubhang liko; nguni't tungkol sa
malinis, ang kaniyang gawa ay matuwid. 9 Lalong maigi ang
tumahan sa sulok ng bubungan, kay sa palatalong babae
sa maluwang na bahay. 10 Ang kaluluwa ng masama ay
nagnanasa ng kasamaan: ang kaniyang kapuwa ay hindi
nakakasumpong ng lingap sa kaniyang mga mata. 11 Pagka
ang mangduduwahagi ay pinarusahan, ang musmos ay
nagiging pantas: at pagka ang pantas ay tinuturuan, siya'y
tumatanggap ng kaalaman. 12 Pinagninilay ng matuwid
ang bahay ng masama, kung paanong napapahamak ang
masama sa kanilang pagkapariwara. 13 Ang nagtatakip ng
kaniyang mga pakinig sa daing ng dukha, siya naman ay
dadaing, nguni't hindi didinggin. 14 Ang kaloob na lihim ay
nagpapatahimik ng galit, at ang alay sa sinapupunan, ay ng
malaking poot. 15 Kagalakan sa matuwid ang gumawa ng
kahatulan; nguni't kapahamakan sa mga manggagawa ng
kasamaan. 16 Ang tao na gumagala sa labas ng daan ng
kaunawaan, magpapahinga sa kapisanan ng patay. 17 Ang
umiibig ng kalayawan ay magiging dukha: ang umiibig sa
alak at langis ay hindi yayaman. 18 Ang masama ay isang
katubusan para sa matuwid, at ang taksil ay sa lugar ng
matuwid. 19 Lalong maigi ang tumahan sa ilang na lupain,

kay sa makisama sa palatalo at magagaliting babae. 20 May
mahalagang kayamanan at langis sa tahanan ng pantas;
nguni't ito'y sinasakmal ng mangmang. 21 Ang sumusunod sa
katuwiran at kagandahang-loob nakakasumpong ng buhay,
katuwiran, at karangalan. 22 Sinasampa ng pantas ang
bayan ng makapangyarihan, at ibinababagsak ang lakas ng
pagkakatiwala niyaon. 23 Sinomang nagiingat ng kaniyang
bibig at kaniyang dila nagiingat ng kaniyang kaluluwa mula
sa mga kabagabagan. 24 Ang palalo at mapagmataas na
tao, manglilibak ang kaniyang pangalan, siya'y gumagawa
sa kahambugan ng kapalaluan. 25 Ang nasa ng tamad ay
pumapatay sa kaniya; sapagka't tumatanggi ang kaniyang
mga kamay sa paggawa. 26 May nagiimbot sa kasakiman
buong araw: nguni't ang matuwid ay nagbibigay at hindi
nagkakait. 27 Ang hain ng masama ay karumaldumal: gaano
pa nga, pagka kaniyang dinadala na may masamang isip!
28 Ang sinungaling na saksi ay mamamatay: nguni't ang
taong nakikinig ay magsasalita upang mamalagi. 29 Ang
masamang tao ay nagmamatigas ng kaniyang mukha; nguni't
tungkol sa taong matuwid, nagaayos ng kaniyang mga lakad.
30 Walang karunungan, o kaunawaan man, O payo man
laban sa Panginoon. 31 Ang kabayo ay handa laban sa
kaarawan ng pagbabaka: nguni't ang pagtatagumpay ay sa
Panginoon.

**22** Ang mabuting pangalan ay maiging piliin, kay sa
malaking kayamanan, at ang magandang kalooban,
kay sa pilak at ginto. 2 Ang mayaman at ang dukha ay
nagkakasalubong kapuwa: ang Panginoon ang May-lalang
sa kanilang lahat. 3 Ang mabait na tao ay nakakakita ng
kasamaan at nagkukubli: nguni't dinadaanan ng musmos
at nagtitiis. 4 Ang kagantihan sa kapakumbabaan at ang
pagkatakot sa Panginoon ay kayamanan, at karangalan,
at buhay. 5 Mga tinik at mga silo ay nangasa daan ng
magdaraya: ang nagiingat ng kaniyang kaluluwa ay lalayo
sa mga yaon. 6 Turuan mo ang bata sa daan na dapat
niyang lakaran, at pagka tumanda man siya ay hindi
niya hihiwalayan. 7 Ang mayaman ay magpupuno sa
dukha, at ang manghihiram ay alipin ng nagpapahiram. 8
Siyang naghahasik ng kasamaan ay aani ng kapahamakan;
at ang pamalo ng kaniyang poot ay maglilikat. 9 Ang
may magandang-loob na mata ay pagpapalain: sapagka't
nagbibigay ng kaniyang tinapay sa dukha. 10 Itaboy mo
ang manglilibak, at ang pagtatalo ay maalis; Oo, ang
pagkakaalit at pagduwahagi ay matitigil. 11 Siyang umiibig
ng kalinisan ng puso, dahil sa biyaya ng kaniyang mga
labi ay magiging kaniyang kaibigan ang hari. 12 Ang
mga mata ng Panginoon ay nagiingat sa maalam: nguni't
kaniyang ibinabagsak ang mga salita ng taksil. 13 Sinasabi
ng tamad, may leon sa labas: mapapatay ako sa mga
lansangan. 14 Ang bibig ng masasamang babae ay isang
malalim na lungaw: siyang nayayamot sa Panginoon ay
mabubuwal doon. 15 Ang kamangmangan ay nababalot
sa puso ng bata; nguni't ilalayo sa kaniya ng pamalong
pangsaway. 16 Ang pumipighati sa dukha upang magpalago
ng kaniyang pakinabang, at ang nagbibigay sa mayaman,
ay humahangga sa pangangailangan lamang. 17 Ikiling
mo ang iyong pakinig, at iyong dinggin ang mga salita ng
pantas, at ihilig mo ang iyong puso sa aking kaalaman. 18
Sapagka't maligayang bagay kung iyong ingatan sa loob mo,
kung mangatatatag na magkakasama sa iyong mga labi. 19
Upang ang iyong tiwala ay malagak sa Panginoon, aking
ipinakilala sa iyo sa kaarawang ito, oo, sa iyo. 20 Hindi ba
ako sumulat sa iyo ng mga marilag na bagay na mga payo
at kaalaman; 21 Upang ipakilala sa iyo ang katunayan ng
mga salitang katotohanan, upang iyong maibalik ang mga
salita ng katotohanan sa kanila na nagsusugo sa iyo? 22
Huwag kang magnakaw sa dukha, sapagka't siya'y dukha, ni
pumighati man sa nagdadalamhati sa pintuang-bayan: 23
Sapagka't ipakikipaglaban ng Panginoon ang kanilang usap,
at sasamsaman ng buhay yaong nagsisisamsam sa kanila.
24 Huwag kang makipagkaibigan sa taong magagalitin; at sa
mainiting tao ay huwag kang sasama: 25 Baka ka matuto ng
kaniyang mga lakad, at magtamo ng silo sa iyong kaluluwa.
26 Huwag kang maging isa sa kanila na nakikikamay, o
sa kanila na mangananagot sa mga utang: 27 Kung wala
kang ikabayad, bakit kaniyang kukunin sa iyo ang iyong
higaan? 28 Huwag mong baguhin ang dating muhon ng
lupa, na inilagay ng iyong mga magulang. 29 Nakikita mo ba
ang taong masipag sa kaniyang gawain? siya'y tatayo sa
harap ng mga hari: hindi siya tatayo sa harap ng mga taong
hamak.

**23** Pagka ikaw ay nauupong kumain na kasalo ng isang
pangulo, kilanlin mong maigi siya na nasa harap mo; 2
At maglagay ka ng sundang sa iyong lalamunan, kung ikaw
ay taong bigay sa pagkain. 3 Huwag kang mapagnais ng
kaniyang mga masarap na pagkain; yamang mga marayang
pagkain. 4 Huwag kang mainip sa pagyaman; tumigil ka
sa iyong sariling karunungan. 5 Iyo bang itititig ang iyong
mga mata sa wala? Sapagka't ang mga kayamanan, ay
tunay na nagsisipagpakpak, gaya ng aguila na lumilipad sa
dakong langit. 6 Huwag mong kanin ang tinapay niya na
may masamang mata, ni nasain mo man ang kaniyang mga
masarap na pagkain: 7 Sapagka't kung ano ang iniisip niya
sa loob niya, ay gayon siya: kumain ka at uminom ka, sabi
niya sa iyo; nguni't ang puso niya ay hindi sumasaiyo. 8 Ang
subo na iyong kinain ay iyong isusuka, at iyong iwawala ang
iyong mga matamis na salita. 9 Huwag kang magsalita sa
pakinig ng mangmang; sapagka't kaniyang hahamakin ang

karunungan ng iyong mga salita. **10** Huwag mong baguhin ang dating muhon ng lupa; at huwag mong pasukin ang mga bukid ng ulila: **11** Sapagka't ang kanilang Manunubos ay malakas; ipaglalaban niya ang kanilang usap sa iyo. **12** Ihilig mo ang iyong puso sa turo, at ang iyong mga pakinig sa mga salita ng kaalaman. **13** Huwag mong ipagkait ang saway sa bata: sapagka't kung iyong hampasin siya ng pamalo, siya'y hindi mamamatay. **14** Iyong hahampasin siya ng pamalo, at ililigtas mo ang kaniyang kaluluwa sa Sheol. **(Sheol h7585)** **15** Anak ko, kung ang iyong puso ay magpakapantas, ang puso ko'y matutuwa sa makatuwid baga'y ang akin: **16** Oo, ang aking puso ay magagalak pagka ang iyong mga labi ay nangagsasalita ng matuwid na mga bagay. **17** Huwag managhili ang iyong puso sa mga makasalanan: kundi lumagay ka sa Panginoon buong araw: **18** Sapagka't tunay na may kagantihan; at ang iyong pagasa ay hindi mahihiwalay. **19** Makinig ka, anak ko, at ikaw ay magpakapantas, at patnubayan mo ang iyong puso sa daan. **20** Huwag kang mapasama sa mga mapaglango; sa mga mayamong mangangain ng karne: **21** Sapagka't ang manglalasing at ang mayamo ay darating sa karalitaan: at ang antok ay magbibihis sa tao ng pagkapulubi. **22** Dinggin mo ang iyong ama na naging anak ka, at huwag mong hamakin ang iyong ina kung siya'y tumanda. **23** Bumili ka ng katotohanan at huwag mong ipagbili: Oo karunungan, at turo, at pag-uunawa. **24** Ang ama ng matuwid ay magagalak na lubos: at siyang nagkaanak ng pantas na anak ay magagalak sa kaniya. **25** Mangatuwa ang iyong ama at ang iyong ina, at magalak siyang nanganak sa iyo. **26** Anak ko, ibigay mo sa akin ang iyong puso, at malugod ang iyong mga mata sa aking mga daan. **27** Sapagka't ang isang patutot ay isang malalim na lubak; at ang babaing di kilala ay makipot na lungaw. **28** Oo, siya'y bumabakay na parang tulisan, at nagdaragdag ng mga magdaraya sa gitna ng mga tao. **29** Sinong may ay? sinong may kapanglawan? sinong may pakikipagtalo? sinong may daing? sino ang may sugat na walang kadahilanan? sino ang may maningas na mata? **30** Silang nangaghihintay sa alak; silang nagsisiyaon upang humanap ng pinaghalong alak. **31** Huwag kang tumingin sa alak pagka mapula, pagka nagbibigay ng kaniyang kulay sa saro, **32** Sa huli ay kumakagat ito na parang ahas, at tumutukang parang ulupong. **33** Ang iyong mga mata ay titingin ng mga katuwang bagay, at ang iyong puso ay nagbabadya ng mga magdarayang bagay. **34** Oo, ikaw ay magiging parang nahihiga sa gitna ng dagat, o parang nahihiga sa dulo ng isang palo ng sasakyan. **35** Kanilang pinalo ako, iyong sasalitain, at hindi ako nasaktan; kanilang hinampas ako, at hindi ko naramdaman: kailan gigising ako? aking hahanapin pa uli.

**24** Huwag kang mananaghili sa mga masamang tao, ni magnasa ka man na masama sa kanila: **2** Sapagka't ang kanilang puso ay nagaaral ng pagpighati, at ang kanilang mga labi ay nagsasalita ng kalikuan. **3** Sa karunungan ay natatayo ang bahay; at sa pamamagitan ng unawa ay natatatag. **4** At sa pamamagitan ng kaalaman ay napupuno ang mga silid, ng lahat na mahalaga at maligayang mga kayamanan. **5** Ang pantas na tao ay malakas; Oo, ang taong maalam ay lumalago ang kapangyarihan. **6** Sapagka't sa pamamagitan ng pantas na pamamatnubay ay makikipagdigma ka: at sa karamihan ng mga tagapayo ay may kaligtasan. **7** Karunungan ay totoong mataas sa ganang mangmang: hindi niya ibinubuka ang kaniyang bibig sa pintuang-bayan. **8** Siyang kumakatha ng paggawa ng kasamaan, tatawagin siya ng mga tao na masamang tao. **9** Ang pagiisip ng kamangmangan ay kasalanan: at ang mangduduwahagi ay karumaldumal sa mga tao. **10** Kung ikaw ay manglupaypay sa kaarawan ng kasakunaan, ang iyong kalakasan ay munti. **11** Iligtas mo silang nangadala sa kamatayan, at ang mga handang papatayin, ay tingnan mo na iyong ibalik. **12** Kung iyong sinasabi, narito, hindi kami nakakaalam nito: hindi ba niya binubulay na tumitimbang ng mga puso? At siyang nagiingat ng iyong kaluluwa, hindi ba niya nalalaman? At hindi ba niya gagantihin ang bawa't tao ayon sa gawa niya? **13** Anak ko, kumain ka ng pulot, sapagka't mabuti; at ng pulot-pukyutan na matamis sa iyong lasa: **14** Sa gayo'y matututo ka ng karunungan na malalagay sa iyong kaluluwa: kung iyong nasumpungan ito, sa gayo'y magkakaroon ka nga ng kagantihan, at ang iyong pagasa ay hindi mahihiwalay. **15** Huwag kang bumakay, Oh masamang tao, sa tahanan ng matuwid; huwag mong sirain ang kaniyang dakong pahingahan: **16** Sapagka't ang matuwid ay nabubuwal na makapito, at bumabangon uli: nguni't ang masama ay nabubuwal sa kasakunaan. **17** Huwag kang magalak pagka ang iyong kaaway ay nabubuwal, at huwag matuwa ang iyong puso pagka siya'y nabubuwal: **18** Baka makita ng Panginoon, at ipagdamdam ng loob siya, at kaniyang ihiwalay ang poot niya sa kaniya. **19** Huwag kang mabalisa dahil sa mga manggagawa ng masama; ni maging mapanaghiliin ka man sa masama: **20** Sapagka't hindi magkakaroon ng kagantihan sa masamang tao; ang ilawan ng masama ay papatayin. **21** Anak ko, matakot ka sa Panginoon at sa hari: at huwag kang makisalamuha sa kanila na mapagbago: **22** Sapagka't ang kanilang kasakunaan ay darating na bigla; at sinong nakakaalam ng kasiraan nila kapuwa? **23** Ang mga ito man ay sabi rin ng pantas. Magkaroon ng pagtangi ng mga pagkatao sa kahatulan, ay hindi mabuti. **24** Siyang nagsasabi sa masama, Ikaw ay matuwid; susumpain siya ng mga bayan, kayayamutan siya

ng mga bansa: 25 Nguni't silang nagsisisaway sa kaniya ay
magkakaroon ng kaluguran, at ang mabuting pagpapala
ay darating sa kanila. 26 Siya'y humahalik sa mga labi
niyaong nagbibigay ng matuwid na sagot. 27 Ihanda mo ang
iyong gawa sa labas, at ihanda mo sa iyo sa parang; at
pagkatapos ay itayo mo ang iyong bahay. 28 Huwag kang
sumaksi laban sa iyong kapuwa ng walang kadahilanan; at
huwag kang magdaya ng iyong mga labi. 29 Huwag mong
sabihin, gagawin kong gayon sa kaniya na gaya ng ginawa
niya sa akin: aking ibibigay sa tao ang ayon sa kaniyang
gawa. 30 Ako'y nagdaan sa tabi ng bukid ng tamad, at
sa tabi ng ubasan ng taong salat sa unawa; 31 At, narito,
tinubuang lahat ng mga tinik, ang ibabaw niyaon ay natakpan
ng mga dawag, at ang bakod na bato ay nabagsak. 32 Ako
nga'y tumingin, at aking binulay na mabuti: aking nakita,
at tumanggap ako ng turo. 33 Kaunti pang tulog, kaunti
pang idlip, kaunti pang paghahalukipkip ng mga kamay
upang matulog: 34 Gayon darating ang iyong karalitaan na
parang magnanakaw; at ang iyong kasalatan na parang
nasasandatahang tao.

**25** Ang mga ito ay mga kawikaan din ni Salomon, na
isinalin ng mga tao ni Hezekias na hari sa Juda. 2
Kaluwalhatian nga ng Dios na maglihim ng isang bagay:
nguni't ang kaluwalhatian ng mga hari ay magusisa ng
isang bagay. 3 Gaya ng langit sa kataasan, at ng lupa sa
kalaliman, gayon ang puso ng mga hari ay di masayod. 4
Alisin ang dumi sa pilak, at lumalabas na isang kasangkapan
sa ganang mangbububo: 5 Alisin ang masama sa harap ng
hari, at ang kaniyang luklukan ay matatatag sa katuwiran.
6 Huwag kang magpauna sa harapan ng hari, at huwag
kang tumayo sa dako ng mga dakilang tao: 7 Sapagka't
maigi na sabihin sa iyo, sumampa ka rito: kay sa ibaba ka
sa harapan ng pangulo, na nakita ng iyong mga mata. 8
Huwag kang makialam ng walang gunita sa pakikipagbabag,
baka hindi mo maalaman kung ano ang gagawin sa wakas
niyaon, pagka ikaw ay hiniya ng iyong kapuwa. 9 Ipaglaban
mo ang iyong usap sa iyong kapuwa, at huwag mong
ihayag ang lihim ng iba: 10 Baka siyang nakakarinig ay
umalipusta sa iyo, at ang iyong pagkadusta ay hindi maalis.
11 Salitang sinalita sa kaukulan ay gaya ng mga mansanang
ginto sa mga bilaong pilak. 12 Kung paano ang hikaw na
ginto, at kagayakang dalisay na ginto, gayon ang pantas na
mananaway sa masunuring pakinig. 13 Kung paano ang
lamig ng niebe sa panahon ng pagaani, gayon ang tapat
na sugo sa kanila na nangagsugo sa kaniya; sapagka't
kaniyang pinagiginhawa ang kaluluwa ng kaniyang mga
panginoon. 14 Kung paano ang mga alapaap at hangin na
walang ulan, gayon ang taong naghahambog ng kaniyang
mga kaloob na walang katotohanan. 15 Sa pamamagitan ng
pagpipigil ng loob ay napahihikayat ang pangulo, at ang
malumanay na dila ay bumabasag ng buto. 16 Nakasumpong
ka ba ng pulot? kumain ka ng sapat sa iyo; baka ka masuya,
at iyong isuka. 17 Magdalang ang iyong paa sa bahay ng
iyong kapuwa; baka siya'y mayamot sa iyo, at ipagtanim ka.
18 Ang tao na sumasaksi ng kasinungalingang saksi laban
sa kaniyang kapuwa ay isang pangbayo at isang tabak, at
isang matulis na pana. 19 Pagtiwala sa di tapat na tao sa
panahon ng kabagabagan ay gaya ng baling ngipin, at ng
nabaliang paa. 20 Kung paano ang nangaagaw ng kasuutan
sa panahong tagginaw, at kung paano ang suka sa sosa,
gayon siyang umaawit ng mga awit sa mabigat na puso. 21
Kung ang iyong kaaway ay magutom, bigyan mo siya ng
pagkain na makakain; at kung siya'y mauhaw, bigyan mo siya
ng tubig na maiinom: 22 Sapagka't ikaw ay magbubunton
ng baga ng apoy sa kaniyang ulo, at gagantihin ka ng
Panginoon. 23 Ang hanging hilaga ay naglalabas ng ulan:
gayon ang dilang maninirang puri ay nakagagalit. 24 Maigi
ang tumahan sa sulok ng bubungan, kay sa kasama ng
palaaway na babae sa maluwang na bahay. 25 Kung paano
ang malamig na tubig sa uhaw na kaluluwa, gayon ang mga
mabuting balita na mula sa malayong lupain. 26 Kung paano
ang malabong balon, at ang bukal na nalabusaw, gayon ang
matuwid na tao na nagbigay daan sa harap ng masama.
27 Hindi mabuting kumain ng maraming pulot: gayon ang
paghanap ng tao ng kanilang sariling kaluwalhatian, ay hindi
kaluwalhatian. 28 Siyang hindi pumipigil ng kaniyang sariling
diwa ay parang bayang nabagsak at walang kuta.

**26** Kung paano ang niebe sa taginit, at kung paano
ang ulan sa pagaani, gayon ang karangalan ay hindi
nababagay sa mangmang. 2 Kung paano ang maya sa
kaniyang paggagala, kung paano ang langaylangayan sa
kaniyang paglipad, gayon ang sumpa na walang kadahilanan
ay hindi tumatalab. 3 Ang paghagupit ay sa kabayo, ang
paningkaw ay sa asno, at ang pamalo ay sa likod ng
mga mangmang. 4 Huwag mong sagutin ang mangmang
ng ayon sa kaniyang kamangmangan, baka ikaw man ay
maging gaya rin niya. 5 Sagutin mo ang mangmang ayon
sa kaniyang kamangmangan, baka siya'y maging pantas
sa ganang kaniya. 6 Siyang nagsusugo ng pasugo sa
pamamagitan ng kamay ng mangmang naghihiwalay ng
kaniyang mga paa, at umiinom sa kasiraan. 7 Ang mga
hita ng pilay ay nabibitin: gayon ang talinghaga sa bibig
ng mga mangmang. 8 Kung paano ang isa'y nagbabalot
ng isang bato sa isang lambanog, gayon ang nagbibigay
ng karangalan sa mangmang. 9 Kung paano ang tinik na
tumutusok sa kamay ng lango, gayon ang talinghaga sa
bibig ng mga mangmang. 10 Kung paano ang mamamana
sumusugat sa lahat, gayon ang umupa sa mangmang at

umuupa sa pagayongayon. **11** Kung paano ang aso na bumabalik sa kaniyang suka, gayon ang mangmang na umuulit ng kaniyang kamangmangan. **12** Nakikita mo ba ang taong pantas sa ganang kaniyang sarili. May higit na pagasa sa mangmang kay sa kaniya. **13** Sinabi ng tamad, may leon sa daan; isang leon ay nasa mga lansangan. **14** Kung paano ang pintuan ay pumipihit sa kaniyang bisagra, gayon ang tamad sa kaniyang higaan. **15** Idinadampot ng tamad ang kaniyang kamay sa pinggan; napapagod siyang dalhin uli sa kaniyang bibig. **16** Ang tamad ay lalong pantas sa ganang kaniyang sarili kay sa pitong tao na makapagbibigay katuwiran. **17** Ang nagdaraan, at nakikialam sa pagaaway na hindi ukol sa kaniya, ay gaya ng humahawak ng aso sa mga tainga. **18** Kung paano ang taong ulol na naghahagis ng mga dupong na apoy, mga pana, at kamatayan; **19** Gayon ang tao na nagdadaya sa kaniyang kapuwa, at nagsasabi, hindi ko ba ginagawa sa paglilibang? **20** Sapagka't sa kakulangan ng gatong ay namamatay ang apoy: at kung saan walang mapaghatid-dumapit ay tumitigil ang pagkakaalit. **21** Kung paano ang mga uling sa mga baga, at ang kahoy sa apoy; gayon ang taong madaldal na nagpapaningas ng pagkakaalit. **22** Ang mga salita ng mapaghatid-dumapit ay parang mga masarap na subo, at nagsisibaba sa mga pinakaloob na bahagi ng tiyan. **23** Mga mapusok na labi at masamang puso ay parang sisidlang-lupa na nababalot ng dumi ng pilak. **24** Ang nagtatanim ay nagpapakunwari ng kaniyang mga labi, nguni't siya'y naglalagay ng pagdaraya sa loob niya: **25** Pagka siya'y nagsasalitang mainam, huwag mo siyang paniwalaan; sapagka't may pitong karumaldumal sa kaniyang puso: **26** Bagaman ang kaniyang pagtatanim ay magtakip ng karayaan, at ang kaniyang kasamaan ay lubos na makikilala sa harap ng kapisanan. **27** Ang humuhukay ng lungaw ay mabubuwal doon: at siyang nagpapagulong ng bato, ay babalikan nito siya. **28** Ang sinungaling na dila ay nagtatanim sa mga sinaktan niya; at ang bibig ng kunwang mapagpuri ay gumagawa ng kapahamakan.

**27** Huwag mong ipaghambog ang kinabukasan; Sapagka't hindi mo nalalaman kung ano ang ilalabas ng ibang araw. **2** Purihin ka ng ibang tao at huwag ng iyong sariling bibig; ng iba, at huwag ng iyong sariling mga labi. **3** Ang bato ay mabigat, at ang buhangin ay matimbang; nguni't ang galit ng mangmang ay lalong mabigat kay sa mga yaon. **4** Poot ay mabagsik, at ang galit ay mamumugnaw, nguni't sinong makatatayo sa harap ng paninibugho? **5** Maigi ang saway na hayag kay sa pagibig na nakukubli. **6** Tapat ang mga sugat ng kaibigan: nguni't ang mga halik ng kaaway ay malabis. **7** Ang busog na tao ay umaayaw sa pulot-pukyutan: nguni't sa gutom na tao ay matamis ang bawa't mapait na bagay. **8** Kung paano ang ibon na gumagala mula sa kaniyang pugad, gayon ang tao na gumagala mula sa kaniyang dako. **9** Ang unguento at pabango ay nagpapagalak ng puso: gayon ang katamisan ng kaibigan ng tao na nagbubuhat sa maiging payo. **10** Ang iyong sariling kaibigan at ang kaibigan ng iyong ama, ay huwag mong pabayaan; at huwag kang pumaroon sa bahay ng iyong kapatid sa kaarawan ng iyong kasakunaan: maigi ang kapuwa na malapit kay sa kapatid na malayo. **11** Anak ko, ikaw ay magpakadunong, at iyong pasayahin ang aking puso, upang aking masagot siya na tumutuya sa akin. **12** Ang taong mabait ay nakakakita ng kasamaan, at nagkukubli: nguni't dinadaanan ng musmos, at naghihirap. **13** Kunin mo ang kaniyang kasuutan na nananagot sa di kilala; at tanggapan mo siya ng sanla na nananagot sa babaing di kilala. **14** Siyang nagpapala sa kaniyang kaibigan ng malakas na tinig, na bumabangong maaga sa kinaumagahan, mabibilang na sumpa sa kaniya. **15** Ang laging tulo sa araw na maulan at ang babaing palatalo ay magkahalintulad: **16** Ang magibig pumigil sa kaniya, ay pumipigil sa hangin, at ang kaniyang kanan ay nakakasumpong ng langis. **17** Ang bakal ay nagpapatalas sa bakal; gayon ang tao ay nagpapatalas sa mukha ng kaniyang kaibigan. **18** Ang nagiingat ng puno ng higos ay kakain ng bunga niyaon; at ang naghihintay sa kaniyang panginoon ay pararangalin. **19** Kung paanong sa tubig ang mukha ay sumasagot sa mukha, gayon ang puso ng tao sa tao. **20** Ang Sheol at ang kapahamakan ay hindi nasisiyahan kailan man; at ang mga mata ng tao ay hindi nasisiyahan kailan man. **(Sheol h7585)** **21** Ang sangagan ay sa pilak, at ang hurno ay sa ginto, at ang tao ay nasusubok sa pamamagitan ng kaniyang pagpuri. **22** Bagaman iyong piitin ang mangmang sa isang piitan na kasama ng pangbayo sa mga bayong trigo, gayon ma'y hindi hihiwalay ang kaniyang kamangmangan sa kaniya. **23** Magmasipag ka na alamin mo ang kalagayan ng iyong mga kawan, at tingnan mong mabuti ang iyong mga bakahan: **24** Sapagka't ang mga kayamanan ay hindi magpakailan man: at namamalagi ba ang putong sa lahat ng sali't saling lahi? **25** Ang tuyong damo ay pinupulot, at ang sariwang damo ay lumilitaw, at ang mga gugulayin sa mga bundok ay pinipisan. **26** Ang mga kordero ay ukol sa iyong kasuutan, at ang mga kambing ay siyang halaga ng bukid: **27** At magkakaroon ng kasiyahang gatas ng kambing sa iyong pagkain, sa pagkain ng iyong sangbahayan; at pagkain sa iyong mga alilang babae.

**28** Ang masama ay tumatakas ng walang taong humahabol: nguni't ang matuwid ay matapang na parang leon. **2** Dahil sa pagsalangsang ng lupain ay marami ang kaniyang mga pangulo: nguni't sa naguunawa at matalino ay malalaon ang kalagayan niya. **3** Ang mapagkailangan na pumipighati sa dukha ay parang bugso ng ulan na hindi

nagiiwan ng pagkain. 4 Silang nangagpapabaya sa kautusan
ay nagsisipuri sa masama: nguni't ang nangagiingat ng
kautusan ay nangakikipagkaalit sa kanila. 5 Ang masasamang
tao ay hindi nangakakaunawa ng kahatulan: nguni't silang
nagsisihanap sa Panginoon ay nangakakaunawa sa lahat ng
mga bagay. 6 Maigi ang dukha na lumalakad sa kaniyang
pagtatapat, kay sa suwail sa kaniyang mga lakad, bagaman
siya'y mayaman. 7 Sinomang nagiingat ng kautusan ay
pantas na anak: nguni't siyang kasama ng mga matakaw ay
nagbibigay kahihiyan sa kaniyang ama. 8 Ang nagpapalago
ng kaniyang yaman sa tubo at pakinabang, ay pumipisan sa
ganang may awa sa dukha. 9 Siyang naglalayo ng kaniyang
pakinig sa pakikinig ng kautusan, maging ang kaniyang
dalangin ay karumaldumal. 10 Sinomang nagliligaw sa
matuwid sa masamang daan, siya'y mahuhulog sa kaniyang
sariling lungaw: nguni't ang sakdal ay magmamana ng
mabuti. 11 Ang mayaman ay pantas sa ganang kaniyang
sarili; nguni't ang dukha na naguunawa ay sumisiyasat.
12 Pagka ang matuwid ay nagtatagumpay, may dakilang
kaluwalhatian: nguni't pagka ang masama ay bumabangon,
nagsisipagtago ang mga tao. 13 Siyang nagtatakip ng
kaniyang mga pagsalangsang ay hindi giginhawa: nguni't
ang nagpapahayag at nagiiwan ng mga yaon ay magtatamo
ng kaawaan. 14 Masaya ang tao na natatakot na lagi: nguni't
siyang nagmamatigas ng kaniyang kalooban ay mahuhulog
sa kahirapan. 15 Kung paano ang umuungal na leon at ang
gutom na oso, gayon ang masamang pinuno sa maralitang
bayan. 16 Ang pangulo na kulang sa paguunawa ay lubhang
mamimighati rin: nguni't siyang nagtatanim sa kasakiman
ay dadami ang kaniyang mga kaarawan. 17 Ang tao na
nagpapasan ng dugo ng sinomang tao, tatakas sa lungaw;
huwag siyang pigilin ng sinoman. 18 Ang lumalakad ng
matuwid ay maliligtas: nguni't siyang masama sa kaniyang
mga lakad ay mabubuwal na bigla. 19 Siyang bumubukid
ng kaniyang lupain ay magkakaroon ng saganang tinapay:
nguni't siyang sumusunod sa mga walang kabuluhang tao ay
madudukhang mainam. 20 Ang tapat na tao ay mananagana
sa pagpapala: nguni't siyang nagmamadali sa pagyaman ay
walang pagsalang parurusahan. 21 Magkaroon ng pagtatangi
sa mga pagkatao ay hindi mabuti: ni hindi man sasalangsang
ang tao dahil sa isang putol na tinapay. 22 Siyang may
masamang mata ay nagmamadali sa pagyaman, at hindi
nakakaalam, na kasalatan ay darating sa kaniya. 23 Siyang
sumasaway sa isang tao ay makakasumpong sa ibang araw
ng higit na lingap kay sa doon sa kunwa'y pumupuri ng dila.
24 Ang nagnanakaw sa kaniyang ama o sa kaniyang ina,
at nagsasabi, hindi ito pagsalangsang; Yao'y kasama rin
ng maninira. 25 Siyang may sakim na diwa ay humihila
ng kaalitan: nguni't siyang naglalagak ng kaniyang tiwala
sa Panginoon ay tataba. 26 Siyang tumitiwala sa kaniyang
sariling puso ay mangmang: nguni't ang lumakad na may
kapantasan, ay maliligtas. 27 Siyang nagbibigay sa dukha
ay hindi masasalat: nguni't siyang nagkukubli ng kaniyang
mga mata ay magkakaroon ng maraming sumpa. 28 Pagka
ang masama ay bumabangon, nagsisipagkubli ang mga
tao; nguni't pagka sila'y nangamamatay, dumadami ang
matuwid.

29 Ang madalas na masaway na nagpapatigas ng
kaniyang leeg, biglang mababali, at walang kagamutan.
2 Pagka ang matuwid ay dumadami, ang bayan ay nagagalak:
nguni't pagka ang masama ay nagpupuno, ang bayan ay
nagbubuntong-hininga. 3 Ang umiibig ng karunungan ay
nagpapagalak sa kaniyang ama: nguni't ang nakikisama
sa mga patutot ay sumisira ng kaniyang tinatangkilik. 4
Ang hari ay nagtatatag ng lupain sa pamamagitan ng
kahatulan: nguni't ang humihingi ng suhol ay gumigiba.
5 Ang tao na kunwang pumupuri sa kaniyang kapuwa
naglalagay ng bitag sa kaniyang mga hakbang. 6 Sa
pagsalangsang ng masamang tao ay may silo: nguni't ang
matuwid ay umaawit at nagagalak. 7 Ang matuwid ay
kumukuhang alam sa bagay ng dukha: ang masama ay
walang unawang makaalam. 8 Ang mga mangduduwahaging
tao ay naglalagay ng bayan sa liyab: nguni't ang mga
pantas na tao ay nagaalis ng poot. 9 Kung ang pantas ay
magkaroon ng pakikipagtalo sa isang mangmang, magalit
man o tumawa, ang mangmang ay hindi magkakaroon ng
kapahingahan. 10 Ang mangbububo ng dugo ay nagtatanim
sa sakdal: at tungkol sa matuwid, hinahanap nila ang
kaniyang buhay. 11 Inihihinga ng mangmang ang buong galit
niya: nguni't ang pantas ay nagpipigil at tumitiwasay. 12 Kung
ang puno ay nakikinig sa kabulaanan, lahat niyang mga
lingkod ay masasama. 13 Ang dukha at ang mamimighati ay
nagsasalubong; pinapagniningas ng Panginoon ang mga
mata nila kapuwa. 14 Ang hari na humahatol na tapat sa
dukha, ang kaniyang luklukan ay matatatag magpakailan
man. 15 Ang pamalo at saway ay nagbibigay karunungan:
nguni't ang batang binabayaan ay humihiya sa kaniyang ina.
16 Pagka ang masama ay dumadami, pagsalangsang ay
dumadami: nguni't mamamasdan ng matuwid ang kanilang
pagkabuwal. 17 Sawayin mo ang iyong anak, at bibigyan
ka niya ng kapahingahan; Oo, bibigyan niya ng kaluguran
ang iyong kaluluwa. 18 Kung saan walang pangitain, ang
bayan ay sumasama: nguni't siyang nagiingat ng kautusan
ay maligaya siya. 19 Ang alipin ay hindi masasaway ng
mga salita: sapagka't bagaman nalalaman niya ay hindi siya
makikinig. 20 Nakikita mo ba ang tao, na nagmamadali sa
kaniyang mga salita? May pagasa pa sa mangmang kay sa
kaniya. 21 Siyang maingat na nagpalaki ng kaniyang lingkod

mula sa pagkabata, magiging anak niya siya sa kawakasan.
22 Ang taong magagalitin ay humihila ng kaalitan, at ang
mainiting tao ay nananagana sa pagsalangsang. 23 Ang
kapalaluan ng tao ay magbababa sa kaniya: nguni't ang may
mapagpakumbabang diwa ay magtatamo ng karangalan. 24
Ang nakikisama sa isang magnanakaw ay nagtatanim sa
kaniyang sariling kaluluwa: siya'y nakakarinig ng sumpa at
hindi umiimik. 25 Ang pagkatakot sa tao ay nagdadala ng
silo: nguni't ang naglalagak ng kaniyang tiwala sa Panginoon
ay maliligtas. 26 Marami ang nagsisihanap ng lingap ng
pinuno: nguni't ang kahatulan ng tao ay nagmumula sa
Panginoon. 27 Ang di ganap na tao ay karumaldumal sa
matuwid: at ang matuwid sa lakad ay karumaldumal sa
masama.

30 Ang mga salita ni Agur na anak ni Jache; ang
sanggunian. Sinabi ng lalake kay Ithiel, kay Ithiel, at
kay Ucal: 2 Tunay na ako'y hangal kay sa kaninoman, at
walang kaunawaan ng isang tao: 3 At hindi ako natuto ng
karunungan, ni mayroon man ako ng kaalaman ng Banal. 4
Sino ang sumampa sa langit, at bumaba? Sino ang pumisan
ng hangin sa kaniyang mga dakot? Sinong nagtali ng tubig sa
kaniyang kasuutan? Sinong nagtatag ng lahat ng mga wakas
ng lupa? Ano ang kaniyang pangalan, at ano ang pangalan
ng kaniyang anak kung iyong nalalaman? 5 Bawa't salita ng
Dios ay subok: siya'y kalasag sa kanila, na nanganganlong
sa kaniya. 6 Huwag kang magdagdag sa kaniyang mga
salita, baka kaniyang sawayin ka, at masunduan kang
sinungaling. 7 Dalawang bagay ang hiniling ko sa iyo; huwag
mong ipagkait sa akin bago ako mamatay. 8 Ilayo mo sa
akin ang walang kabuluhan at ang mga kasinungalingan:
huwag mo akong bigyan ng kahit karalitaan o kayamanan
man; pakanin mo ako ng pagkain na kailangan ko: 9 Baka
ako'y mabusog, at magkaila sa iyo, at magsabi, sino ang
Panginoon? O baka ako'y maging dukha, at magnakaw ako,
at gumamit ng paglapastangan sa pangalan ng aking Dios.
10 Huwag mong pawikaan ang alipin sa kaniyang panginoon,
baka ka tungayawin niya, at ikaw ay maging salarin. 11 May
lahi na tumutungayaw sa kanilang ama. At hindi pinagpapala
ang kanilang ina. 12 May lahi na malinis sa harap ng
kanilang sariling mga mata, at gayon man ay hindi hugas sa
kanilang karumihan. 13 May lahi, Oh pagka mapagmataas
ng kanilang mga mata! At ang kanilang mga talukap-mata
ay nangakataas. 14 May lahi na ang mga ngipin ay parang
mga tabak, at ang kanilang mga bagang ay parang mga
sundang, upang lamunin ang dukha mula sa lupa, at ang
mapagkailangan sa gitna ng mga tao. 15 Ang linga ay may
dalawang anak, na sumisigaw, bigyan mo, bigyan mo. May
tatlong bagay na kailan man ay hindi nasisiyahan, Oo, apat
na hindi nagsasabi, siya na: 16 Ang Sheol; at ang baog na
bahay-bata; ang lupa na hindi napapatiranguhaw ng tubig;
at ang apoy na hindi nagsasabi, siya na. (Sheol h7585) 17
Ang mata na tumutuya sa kaniyang ama, at humahamak ng
pagsunod sa kaniyang ina, tutukain ito ng mga uwak sa
libis, at kakanin ito ng mga inakay na aguila. 18 May tatlong
bagay na totoong kagilagilalas sa akin, Oo, apat na hindi
ko nalalaman: 19 Ang lipad ng aguila sa hangin; ang usad
ng ahas sa ibabaw ng mga bato; ang lutang ng sasakyan
sa gitna ng dagat; at ang lakad ng lalake na kasama ng
isang dalaga. 20 Gayon ang lakad ng mangangalunyang
babae; siya'y kumakain, at nagpapahid ng kaniyang bibig, at
nagsasabi, hindi ako gumawa ng kasamaan. 21 Sa tatlong
bagay ay nanginginig ang lupa, at sa apat na hindi niya
madala: 22 Sa isang alipin, pagka naghahari; at sa isang
mangmang, pagka nabubusog ng pagkain; 23 Sa isang
babaing nakayayamot, pagka nagaasawa; at sa isang aliping
babae, na nagmamana sa kaniyang panginoong babae.
24 May apat na bagay na maliit sa lupa, nguni't lubhang
mga pantas: 25 Ang mga langgam ay bayang hindi matibay,
gayon ma'y nagiimbak ng kanilang pagkain sa taginit; 26 Ang
mga koneho ay hayop na mahina, gayon ma'y nagsisigawa
sila ng kanilang mga bahay sa malalaking bato; 27 Ang mga
balang ay walang hari, gayon ma'y lumalabas silang lahat
na pulupulutong; 28 Ang butiki ay tumatangan ng kaniyang
mga kamay, gayon ma'y nasa mga bahay ng mga hari siya.
29 May tatlong bagay na maganda sa kanilang lakad, Oo,
apat na mainam sa lakad: 30 Ang leon na pinaka matapang
sa mga hayop, at hindi humihiwalay ng dahil sa kanino man;
31 Ang asong matulin; ang kambing na lalake rin naman: at
ang hari na hindi malalabanan. 32 Kung ikaw ay gumagawa
ng kamangmangan sa pagmamataas, o kung ikaw ay umisip
ng kasamaan, ilagay mo ang iyong kamay sa iyong bibig. 33
Sapagka't sa pagbati sa gatas ay naglalabas ng mantekilya,
at sa pagsungalngal sa ilong ay lumalabas ang dugo: Gayon
ang pamumungkahi sa poot ay naglalabas ng kaalitan.

31 Ang mga salita ng haring Lemuel; ang sanggunian
na itinuro sa kaniya ng kaniyang ina. 2 Ano anak ko?
at ano, Oh anak ng aking bahay-bata? At ano, Oh anak
ng aking mga panata? 3 Huwag mong ibigay ang iyong
kalakasan sa mga babae, o ang iyo mang mga lakad sa
lumilipol ng mga hari. 4 Hindi sa mga hari, Oh Lemuel, hindi
sa mga hari ang paginom ng alak; ni sa mga pangulo man,
na magsabi, saan nandoon ang matapang na alak? 5 Baka
sila'y uminom, at makalimotan ang kautusan, at humamak
ng kahatulan sa sinomang nagdadalamhati. 6 Bigyan mo
ng matapang na inumin siya na handang manaw, at ng
alak ang mapanglaw na loob. 7 Uminom siya at limutin niya
ang kaniyang kahirapan, at huwag nang alalahanin pa ang
kaniyang karalitaan. 8 Bukhin mo ang iyong bibig sa pipi, sa

bagay ng lahat ng naiwang walang kandili. 9 Bukhin mo ang
iyong bibig, humatol ka ng katuwiran, at mangasiwa ka ng
kahatulan sa dukha at mapagkailangan. 10 Isang mabait na
babae sinong makakasumpong? Sapagka't ang kaniyang
halaga ay higit na makapupo kay sa mga rubi. 11 Ang puso
ng kaniyang asawa ay tumitiwala sa kaniya, at siya'y hindi
kukulangin ng pakinabang. 12 Gumagawa siya ng mabuti
sa kaniya at hindi kasamaan lahat ng mga kaarawan ng
kaniyang buhay. 13 Siya'y humahanap ng balahibo ng tupa
at lino, at gumagawang kusa ng kaniyang mga kamay. 14
Siya'y parang mga sasakyang dagat ng kalakal; nagdadala
siya ng kaniyang pagkain mula sa malayo. 15 Siya'y
bumabangon naman samantalang gabi pa, at nagbibigay
ng pagkain sa kaniyang sangbahayan, at ng kanilang
gawain sa kaniyang alilang babae. 16 Kaniyang minamasdan
ang bukid at binibili: sa pamamagitan ng kaniyang kamay
ay nagtatanim siya ng ubasan. 17 Binibigkisan niya ang
kaniyang mga balakang ng kalakasan, at nagpapalakas
ng kaniyang mga bisig. 18 Kaniyang namamalas na ang
kaniyang kalakal ay makikinabang: ang kaniyang ilaw ay hindi
namamatay sa gabi. 19 Kaniyang itinangan ang kaniyang
mga kamay sa panulid, at ang kaniyang mga kamay ay
humahawak ng panghabi. 20 Iginagawad niya ang kaniyang
kamay sa dukha: Oo, iniaabot niya ang kaniyang mga
kamay sa mapagkailangan. 21 Hindi niya ikinatatakot ang
kaniyang sangbahayan sa niebe; sapagka't ang boo niyang
sangbahayan ay nakapanamit ng mapulang mapula. 22
Gumagawa siya sa ganang kaniya ng mga unang may burda;
ang kaniyang pananamit ay mainam na kayong lino at ng
kayong kulay ube. 23 Ang kaniyang asawa ay kilala sa mga
pintuang-bayan, pagka siya'y nauupo sa kasamahan ng mga
matanda ng lupain. 24 Gumagawa siya ng mga kasuutang
kayong lino at ipinagbibili; at nagbibigay ng mga pamigkis sa
mga mangangalakal. 25 Kalakasan at kamahalan ay siyang
kaniyang suot. At kaniyang tinatawanan ang panahong
darating. 26 Binubuka niya ang kaniyang bibig na may
karunungan; at ang kautusan ng kagandahang-loob ay nasa
kaniyang dila. 27 Kaniyang tinitignang mabuti ang mga lakad
ng kaniyang sangbahayan, at hindi kumakain ng tinapay ng
katamaran. 28 Nagsisibangon ang kaniyang mga anak, at
tinatawag siyang mapalad; gayon din ang kaniyang asawa,
at pinupuri siya niya, na sinasabi: 29 Maraming anak na
babae ay nagsisigawang may kabaitan, nguni't ikaw, ay
humihigit sa kanilang lahat. 30 Ang lingap ay magdaraya, at
ang kagandahan ay walang kabuluhan: nguni't ang babae
na natatakot sa Panginoon, ay siya'y pupurihin. 31 Bigyan
ninyo siya ng bunga ng kaniyang mga kamay; at purihin siya
ng kaniyang mga gawa sa mga pintuang-bayan.

# Mangangaral

1 Ang mga salita ng Mangangaral, na anak ni David, hari
sa Jerusalem. 2 Walang kabuluhan ng mga walang
kabuluhan, sabi ng Mangangaral; walang kabuluhan ng mga
walang kabuluhan, lahat ay walang kabuluhan. 3 Anong
pakinabang mayroon ang tao sa lahat ng kaniyang gawa, na
kaniyang ginagawa sa ilalim ng araw? 4 Isang salin ng lahi
ay yumayaon, at ibang salin ng lahi ay dumarating; nguni't
ang lupa ay nananatili magpakailan man. 5 Ang araw naman
ay sumisikat, at ang araw ay lumulubog, at nagmamadali
sa dakong sinisikatan nito. 6 Ang hangin ay yumayaon sa
dakong timugan, at pumipihit sa hilagaan: at laging pumipihit
na patuloy, at ang hangin ay bumabalik uli ayon sa kaniyang
pihit. 7 Lahat ng mga ilog ay humuhugos sa dagat, gayon
may hindi napupuno ang dagat; sa dakong hinuhugusan ng
mga ilog, doon din nagsisihugos uli ang mga yaon. 8 Lahat
ng mga bagay ay puspos ng pagaalapaap; hindi maisasaysay
ng tao: ang mata ay hindi nasisiyahan ng pagtingin, ni ang
tainga man ay nasisiyahan sa pakikinig. 9 Yaong nangyari ay
siyang mangyayari; at yaong nagawa ay siyang magagawa:
at walang bagong bagay sa ilalim ng araw. 10 May bagay ba
na masasabi ang mga tao, Tingnan mo, ito'y bago? nayari
nga sa mga panahon na una sa atin. 11 Walang alaala sa
mga dating lahi; ni magkakaroon man ng alaala sa mga
huling salin ng lahi na darating, sa mga yaon na darating
pagkatapos. 12 Akong Mangangaral ay naging hari sa Israel
sa Jerusalem. 13 At inihilig ko ang aking puso na hanapin
at siyasatin sa pamamagitan ng karunungan ang lahat na
nagawa sa silong ng langit: mahirap na pagdaramdam na
ito ang ibinigay ng Dios sa mga anak ng mga tao, upang
pagsanayan. 14 Aking nakita ang lahat na gawa, na nagawa
sa ilalim ng araw; at, narito, lahat ay walang kabuluhan at
nauuwi sa wala. 15 Ang baluktot ay hindi matutuwid: at ang
kulang ay hindi mabibilang. 16 Ako'y sumangguni sa aking
sariling puso, na sinasabi ko, Narito, nagtamo ako sa akin
ng malaking karunungan ng higit kay sa lahat na nauna sa
akin sa Jerusalem: oo, ang puso ko'y nagtaglay ng malaking
kabihasnan sa karunungan at kaalaman. 17 At inihilig ko ang
aking puso na makaalam ng karunungan, at makaalam ng
kaululan at ng kamangmangan: aking nahalata na ito man ay
nauuwi sa wala. 18 Sapagka't sa maraming karunungan at
maraming kapanglawan: at siyang nananagana sa kaalaman
ay nananagana sa kapanglawan.

2 Sinabi ko sa aking puso: Pumarito ka ngayon, Susubukin
kitang may kasayahan; kaya't magsawa ka sa kalayawan:
at narito, ito rin ay walang kabuluhan. 2 Aking sinabi tungkol
sa tawa, Ito'y ulol: at sa kasayahan, Anong ginagawa
nito? 3 Aking siniyasat sa aking puso na kung paanong
masasayahan ang aking katawan sa pamamagitan ng alak,
pinapatnubayan pa ng karunungan ang aking puso at kung
paanong hahawak sa kamangmangan, hanggang sa aking
makita kung ano ang mabuti sa mga anak ng mga tao na
marapat nilang gawin sa silong ng langit sa lahat ng mga
kaarawan ng kanilang buhay. 4 Gumawa ako sa ganang
akin ng mga malaking gawa; nagtayo ako sa ganang akin ng
mga bahay; nagtanim ako sa ganang akin ng mga ubasan;
5 Gumawa ako sa ganang akin ng mga halamanan at mga
liwasan, at aking tinamnan ng mga sarisaring puno ng kahoy
na nagkakabunga: 6 Gumawa ako sa ganang akin ng mga
tipunan ng tubig, upang dumilig ng gubat na pagtatamnan
ng mga puno ng kahoy: 7 Ako'y bumili ng mga aliping lalake
at babae, at nagkaroon ako ng mga aliping ipinanganak sa
aking bahay; nagkaroon din naman ako ng mga malaking
pag-aari na mga bakahan at mga kawan, ng higit kay sa
lahat na nauna sa akin sa Jerusalem: 8 Nagtipon din ako sa
ganang akin ng pilak at ginto, at ng tanging kayamanan ng
mga hari at ng mga lalawigan: nagtatangkilik ako sa akin ng
mga lalaking mangaawit at mga babaing mangaawit, at ng
mga kalayawan ng mga anak ng mga tao, mga sarisaring
instrumento ng musiko iya'y totoong marami. 9 Sa gayo'y
naging dakila ako, at lumago ako ng higit kay sa lahat na
nauna sa akin sa Jerusalem: ang akin namang karunungan
ay namamalagi sa akin. 10 At anomang ninasa ng aking
mga mata ay hindi ko ipinagkait: hindi ko pinigil ang aking
puso sa anomang kagalakan, sapagka't nagagalak ang
aking puso dahil sa lahat kong gawain; at ito ang aking
bahagi na mula sa lahat kong gawain. 11 Nang magkagayo'y
minasdan ko ang lahat ng mga gawa, na ginawa ng aking
mga kamay, at ang gawain na aking pinagsikapang gawin;
at, narito, lahat ay walang kabuluhan at nauuwi sa wala, at
walang pakinabang sa ilalim ng araw. 12 At ako'y pumihit
upang masdan ang karunungan, at ang kaululan at ang
kamangmangan; sapagka't ano ang magagawa ng tao na
sumusunod sa hari? samakatuwid baga'y ang nagawa na
laong panahon ng nakaraan. 13 Nang magkagayo'y aking
nakita, na ang karunungan ay humihigit sa kamangmangan,
na gaya ng liwanag na humihigit sa dilim. 14 Ang mga mata
ng pantas ay na sa kaniyang ulo, at ang mangmang ay
lumalakad sa kadiliman: at gayon ma'y aking namalas na
isang pangyayari ang nangyari sa kanilang lahat. 15 Nang
magkagayo'y sinabi ko sa puso ko, Kung ano ang nangyari
sa mangmang gayon ang mangyayari sa akin; at bakit pa
nga ako naging lalong pantas? Nang magkagayo'y sinabi ko
sa puso ko, na ito man ay walang kabuluhan. 16 Sapagka't
kung paano sa pantas ay gayon din sa mangmang, walang
alaala magpakailan man; dangang sa mga araw na darating

ay malilimutang lahat na. At kung paanong ang pantas
ay namamatay ay gayon ang mangmang! 17 Sa gayo'y
ipinagtanim ko ang buhay; sapagka't ang gawa na ginawa
sa ilalim ng araw ay mapanglaw sa akin: sapagka't lahat ay
walang kabuluhan at nauuwi sa wala. 18 At ipinagtanim ko
ang lahat kong gawa na aking ginawa sa ilalim ng araw:
yamang marapat kong iwan sa tao na susunod sa akin. 19
At sinong nakakaalam kung siya'y magiging isang pantas o
isang mangmang? gayon ma'y magpupuno siya sa lahat ng
aking gawa, na aking ginawa, at sa aking pinagpakitaan ng
karunungan sa ilalim ng araw. Ito man ay walang kabuluhan.
20 Kaya't ako'y bumalik upang aking alisan ng pagasa ang
aking puso tungkol sa lahat na gawa na aking ginawa sa
ilalim ng araw. 21 Sapagka't may tao, na ang gawa ay
sa pamamagitan ng karunungan, at ng kaalaman, at ng
kabihasnan; gayon ma'y sa tao na hindi gumawa niyaon
ay iiwan niya na pinakabahagi niyaon. Ito man ay walang
kabuluhan at malaking kasamaan. 22 Sapagka't ano ang
tinatamo ng tao sa lahat niyang gawa, at sa nais ng kaniyang
puso na kaniyang iginawa sa ilalim ng araw? 23 Sapagka't
lahat niyang kaarawan ay mga kapanglawan lamang, at
ang kaniyang pagdaramdam ay hapis; oo, pati sa gabi
ay hindi nagpapahinga ang kaniyang puso. Ito man ay
walang kabuluhan. 24 Walang maigi sa tao kundi ang
kumain at uminom, at pagalaking mabuti ang kaniyang
kaluluwa sa kaniyang gawa. Ito man ay aking nakita na
mula sa kamay ng Dios. 25 Sapagka't sinong makakakain, o
sinong makapagtataglay ng kagalakang higit kay sa akin?
26 Sapagka't ang tao na kinaluluguran niya, binibigyan ng
Dios ng karunungan, at kaalaman, at kagalakan: nguni't ang
makasalanan ay binibigyan niya ng damdam, na magpisan
at magbunton, upang maibigay sa kaniya na kinaluluguran
ng Dios. Ito man ay walang kabuluhan at nauuwi sa wala.

**3** Sa bawa't bagay ay may kapanahunan, at panahon
sa bawa't panukala sa silong ng langit: 2 Panahon
ng kapanganakan, at panahon ng kamatayan; panahon
ng pagtatanim, at panahon ng pagbunot ng itinanim; 3
Panahon ng pagpatay, at panahon ng pagpapagaling;
panahon ng paggiba, at panahon ng pagtatayo; 4 Panahon
ng pagiyak, at panahon ng pagtawa; panahon ng pagtangis,
at panahon ng pagsayaw; 5 Panahon ng paghahagis ng
mga bato, at panahon ng pagpipisan ng mga bato; panahon
ng pagyakap, at panahon ng pagpipigil sa pagyakap; 6
Panahon ng paghanap, at panahon ng pagkawala: panahon
ng pagiingat, at panahon ng pagtatapon; 7 Panahon ng
pagpunit, at panahon ng pananahi; panahon ng pagtahimik,
at panahon ng pagsasalita; 8 Panahon ng pagibig, at
panahon ng pagtatanim; panahon ng digma, at panahon ng
kapayapaan. 9 Anong pakinabang ang tinatamo niya, na
gumagawa sa kaniyang pinagpapagalan? 10 Aking nakita
ang sakit na ibinigay ng Dios sa mga anak ng mga tao
upang pagsanayan. 11 Ginawa niya ang bawa't bagay na
maganda sa kapanahunan niyaon: inilagay rin niya ang
sanglibutan sa kanilang puso, na anopa't hindi matalos
ng tao ang gawa na ginawa ng Dios mula sa pasimula
hanggang sa wakas. 12 Nalalaman ko, na walang maigi sa
kanila, kay sa magalak, at gumawa ng mabuti habang sila'y
nabubuhay. 13 At ang bawa't tao rin naman ay marapat
kumain at uminom, at magalak sa kabutihan sa lahat niyang
gawa, siyang kaloob ng Dios. 14 Nalalaman ko, na anomang
ginagawa ng Dios, magiging magpakailan pa man: walang
bagay na maidadagdag, o anomang bagay na maaalis:
at ginawa ng Dios, upang ang tao ay matakot sa harap
niya. 15 Ang nangyari sa nagdaan ay nangyari na; at ang
mangyayari pa ay nangyari na rin; at hinahanap uli ng Dios
ang nakaraan na. 16 At bukod dito'y aking nakita sa ilalim ng
araw, sa dako ng kahatulan, na nandoon ang kasamaan;
at sa dako ng katuwiran, na nandoon ang kasamaan. 17
Sinabi ko sa puso ko, Hahatulan ng Dios ang matuwid at ang
masama: sapagka't may panahon doon sa bawa't panukala
at sa bawa't gawa. 18 Sinabi ko sa puso ko, Dahil sa mga
anak ng mga tao, upang subukin sila ng Dios, at upang
kanilang makita na sila'y mga hayop lamang. 19 Sapagka't
ang nangyayari sa mga anak ng mga tao ay nangyayari sa
mga hayop: sa makatuwid baga'y isang bagay ang nangyari
sa kanila: kung paanong namamatay ang hayop, gayon
namamatay ang tao; oo, silang lahat ay may isang hininga;
at ang tao ay wala ng karangalang higit sa hayop: sapagka't
lahat ay walang kabuluhan. 20 Lahat ay nagsisiyaon sa
isang dako; lahat ay buhat sa alabok, at lahat ay nangauuwi
sa alabok uli. 21 Sinong nakakaalam ng diwa ng tao kung
napaiilanglang, at ng diwa ng hayop kung napaiibaba sa
lupa? 22 Kaya't aking nakita, na walang bagay na maigi,
kundi ang tao ay magalak sa kaniyang mga gawa; sapagka't
siyang kaniyang bahagi: sapagka't sinong magbabalik sa
kaniya upang makita ang mangyayari pagkamatay niya?

**4** Nang magkagayo'y pumihit ako, at aking nakita ang lahat
na kapighatian na nagawa sa ilalim ng araw: at, narito,
ang mga luha ng mga yaon, na napipighati, at wala silang
mangaaliw: at sa siping ng mga mamimighati sa kanila
ay may kapangyarihan, nguni't wala silang mangaaliw. 2
Kaya't aking pinuri ang patay na namatay na, ng higit kay sa
may buhay na nabubuhay pa; 3 Oo, maigi kay sa kanila
kapuwa ang hindi ipinanganganak, na hindi nakakita ng
masamang gawa na nagawa sa ilalim ng araw. 4 Nang
magkagayo'y nakita ko ang lahat na gawa, at bawa't gawang
mainam na dahil dito ay pinananaghilian ang tao ng kaniyang
kapuwa. Ito man ay walang kabuluhan at nauuwi sa wala. 5

Inihahalukipkip ng mangmang ang kaniyang mga kamay, at
kumakain ng kaniyang sariling laman. **6** Maigi ang isang
dakot na may katahimikan, kay sa dalawang dakot na
may kahirapan at walang kabuluhan. **7** Nang magkagayo'y
bumalik ako at aking nakita ang walang kabuluhan sa ilalim
ng araw. **8** May isa na nagiisa, at siya'y walang pangalawa;
oo, siya'y walang anak o kapatid man; gayon ma'y walang
wakas sa lahat niyang gawa, ni nasisiyahan man ang
kaniyang mga mata sa mga kayamanan. Dahil kanino
nga, sabi niya, nagpapagal ako, at binabawahan ko ang
aking kaluluwa ng mabuti? Ito man ay walang kabuluhan,
oo, mahirap na damdam. **9** Dalawa ay maigi kay sa isa;
sapagka't sila'y may mabuting kagantihan sa kanilang gawa.
**10** Sapagka't kung sila'y mabuwal, ibabangon ng isa ang
kaniyang kasama; nguni't sa aba niya, na nagiisa pagka
siya'y nabuwal, at walang iba na magbangon sa kaniya.
**11** Muli, kung ang dalawa ay mahigang magkasama, may
init nga sila: nguni't paanong makapagpapainit ang isa na
nagiisa? **12** At kung ang isang tao ay manaig laban sa kaniya
na nagiisa, ang dalawa ay makalalaban sa kaniya; at ang
panaling tatlong ikid ay hindi napapatid na madali. **13** Maigi
ang dukha at pantas na bata kay sa matanda at mangmang
na hari, na hindi nakakaalam ng pagtanggap ng payo pa.
**14** Sapagka't mula sa bilangguan ay lumabas siya upang
maghari; oo, sa kaniyang kaharian nga ay ipinanganak
siyang dukha. **15** Aking nakita ang lahat na may buhay,
na nagsisilakad sa ilalim ng araw, na sila'y kasama ng
bata, ng ikalawa, na tumatayo na kahalili niya. **16** Walang
wakas sa lahat ng bayan, sa makatuwid baga'y sa lahat na
pinaghaharian niya: gayon ma'y silang darating pagkatapos
ay hindi mangagagalak sa kaniya. Tunay na ito man ay
walang kabuluhan at nauuwi sa wala.

**5** Ingatan mo ang iyong paa pagka ikaw ay napasasa bahay
ng Dios; sapagka't ang paglapit upang makinig ay maigi
kay sa magbigay ng hain ng mga mangmang: sapagka't
hindi nila nalalaman na sila'y nagsisigawa ng kasamaan. **2**
Huwag kang pakabigla ng iyong bibig, at huwag magmadali
ang iyong puso na magsalita ng anomang bagay sa harap
ng Dios; sapagka't ang Dios ay nasa langit, at ikaw ay nasa
lupa: kaya't pakauntiin mo ang iyong mga salita. **3** Sapagka't
ang panaginip ay dumarating sa karamihan ng gawain; at
ang tinig ng mangmang sa karamihan ng mga salita. **4**
Pagka ikaw ay nananata ng panata sa Dios, huwag kang
magliban ng pagtupad; sapagka't siya'y walang kaligayahan
sa mga mangmang: tuparin mo ang iyong ipinanata. **5**
Maigi nga ang ikaw ay huwag manata, kay sa ikaw ay
manata at hindi tumupad. **6** Huwag bayaan ang iyong bibig,
na papagkasalanin ang iyong laman; at huwag ka mang
magsabi sa harap ng anghel, na isang kamalian: bakit nga
magagalit ang Dios sa iyong tinig, at sisirain ang gawa
ng iyong mga kamay? **7** Sapagka't sa karamihan ng mga
panaginip ay may kawalangkabuluhan, at sa maraming mga
salita: nguni't matakot ka sa Dios. **8** Kung iyong nakikita
ang kapighatian ng dukha, at ang karahasang pagaalis ng
kahatulan at kaganapan sa isang lalawigan, huwag mong
kamanghaan ang bagay: sapagka't ang lalong mataas kay sa
mataas ay nagmamasid; at may lalong mataas kay sa kanila.
**9** Bukod dito, ay sa lahat ang pakinabang sa lupa: ang hari
man ay pinaglilingkuran ng bukid. **10** Siyang umiibig sa
pilak ay hindi masisiyahan sa pilak; o siya mang umiibig sa
kasaganaan ng pakinabang: ito man ay walang kabuluhan.
**11** Pagka ang mga pag-aari ay nagsisidami, ay nagsisidami
silang nagsisikain ng mga yaon: at anong pakinabang
mayroon ang may-ari niyaon, kundi ang mamasdan ng
kaniyang mga mata? **12** Ang tulog ng manggagawang tao
ay mahimbing, maging siya'y kumain ng kaunti o marami:
nguni't ang kasaganaan ng yaman ay hindi magpapatulog
sa kaniya. **13** May malubhang kasamaan na aking nakita sa
ilalim ng araw, ito nga, ang mga yamang iningatan ng may-
ari niyaon sa kapahamakan niya. **14** At ang mga yamang
yaon ay nawawala ng masamang pangyayari; at kung siya'y
magkaanak ng lalake, walang maiiwan sa kaniyang kamay.
**15** Kung paanong siya'y lumabas sa bahay-bata ng kaniyang
ina, hubad na yayaon siya uli na gaya ng siya'y dumating,
at hindi magdadala ng anoman sa kaniyang nagawa, na
kaniyang madadala sa kaniyang kamay. **16** At ito man ay
malubhang kasamaan, na kung paano siya dumating ay
gayon siya yayaon: at anong pakinabang mayroon siya, na
gumagawa sa hangin? **17** Lahat ng mga araw naman niya ay
ikinakain niya sa kadiliman, at siya'y totoong nayayamot, at
may sakit at pag-iinit. **18** Narito, na aking nakita na mabuti at
ukol sa isa ang kumain at uminom, at magalak sa kabutihan
sa lahat niyang gawa na kaniyang ginawa sa ilalim ng araw
lahat ng mga kaarawan ng kaniyang buhay na ibinigay sa
kaniya ng Dios: sapagka't ito'y kaniyang bahagi. **19** Bawa't
tao rin naman na binigyan ng Dios ng mga kayamanan at
mga pag-aari, at binigyan ng kapangyarihan na kumain
niyaon, at kumuha ng kaniyang bahagi, at magalak sa
kaniyang gawa, ito'y kaloob ng Dios. **20** Sapagka't hindi niya
aalalahaning lubha ang mga kaarawan ng kaniyang buhay;
sapagka't sinasagot siya ng Dios sa kagalakan ng kaniyang
puso.

**6** May kasamaan na nakita ako sa ilalim ng araw, at
mabigat sa mga tao: **2** Ang tao na binibigyan ng Dios
ng mga kayamanan, pag-aari, at karangalan, na anopa't
walang kulang sa kaniyang kaluluwa sa lahat niyang
ninanasa, gayon ma'y hindi binibigyan siya ng Dios ng
kapangyarihan na kumain niyaon, kundi iba ang kumakain

niyaon; ito'y walang kabuluhan, at masamang sakit. 3 Kung
ang isang tao ay magkaanak ng isang daan, at mabuhay na
maraming taon, na anopa't ang mga kaarawan ng kaniyang
mga taon ay dumami, nguni't ang kaniyang kaluluwa ay
hindi mabusog ng mabuti, at bukod dito ay wala siyang
pangpalibing; aking sinasabing maigi ang isang naagas kay
sa kaniya: 4 Sapagka't dumarating na walang kabuluhan,
at yumayaon sa kadiliman, at ang pangalan niyaon ay
natatakpan ng kadiliman; 5 Bukod dito ay hindi nakita ang
araw o nakilala man; ito'y may kapahingahang maigi kay
sa isa; 6 Oo, bagaman siya'y mabuhay na isang libong
taon na makalawang masaysay, at hindi man nagalak na
mabuti: hindi ba nagsisiyaon ang lahat sa iisang dako? 7
Lahat ng gawa ng tao ay para sa kaniyang bibig, at gayon
ma'y ang panglasa ay hindi nasisiyahan. 8 Sapagka't anong
pakinabang mayroon ang pantas na higit sa mangmang? o
anong pakinabang mayroon ang dukha na maalam lumakad
sa harap ng mga buhay? 9 Maigi ang paningin ng mga
mata kay sa pagdidilidili; ito man ay walang kabuluhan at
nauuwi sa wala. 10 Anomang nangyari, ang pangalan niyaon
ay natawag nang malaon, at kilala na siya'y tao: ni hindi
maaaring makipagtalo siya sa lalong makapangyarihan kay
sa kaniya. 11 Yamang maraming bagay na nangagdaragdag
ng walang kabuluhan, ano ang lalong ikinaigi ng tao? 12
Sapagka't sinong nakakaalam kung ano ang mabuti sa tao
sa kaniyang buhay, lahat ng mga kaarawan ng kaniyang
walang kabuluhang buhay na kaniyang ginugol na gaya ng
anino? sapagka't sinong makapagsasaysay sa tao kung ano
ang mangyayari pagkamatay niya sa ilalim ng araw?

**7** Ang mabuting pangalan ay maigi kay sa mahalagang
unguento; at ang kaarawan ng kamatayan kay sa
kaarawan ng kapanganakan. 2 Maigi ang pasa bahay ng
tangisan, kay sa bahay ng pistahan: sapagka't siyang wakas
ng lahat ng mga tao; at ilalagak ng may buhay sa kaniyang
puso. 3 Kapanglawan ay maigi kay sa pagtawa: sapagka't
sa kapanglawan ng mukha ay sumasaya ang puso. 4 Ang
puso ng pantas ay nasa bahay ng tangisan; nguni't ang puso
ng mangmang ay nasa bahay ng kasayahan. 5 Maigi ang
makinig ng saway ng pantas kay sa isang tao'y makinig
ng awit ng mga mangmang. 6 Sapagka't kung paano ang
lagitik ng mga tinik sa ilalim ng palyok, gayon ang tawa
ng mangmang: ito ma'y walang kabuluhan. 7 Tunay na
nagpapamangmang sa pantas ang pagkapighati; at ang
suhol ay sumisira ng unawa. 8 Maigi ang wakas ng isang
bagay kay sa pasimula niyaon: at ang matiising loob ay
maigi kay sa palalong loob. 9 Huwag kang magagalitin
sa iyong kalooban: sapagka't ang galit ay nagpapahinga
sa sinapupunan ng mga mangmang. 10 Huwag mong
sabihin, Ano ang kadahilanan na ang mga unang araw ay
maigi kay sa mga ito? sapagka't hindi ka naguusisang may
katalinuhan tungkol dito. 11 Karunungan ay mabuting gaya
ng mana: oo, lalong marilag sa ganang kanila na nakakakita
ng araw. 12 Sapagka't ang karunungan ay sanggalang, sa
makatuwid baga'y gaya ng salapi na sanggalang: nguni't
ang karilagan ng kaalaman, ay iniingatan ng karunungan
ang buhay niya na nagtatangkilik niyaon. 13 Gunitain mo
ang gawa ng Dios: sapagka't sinong makapagtutuwid ng
ginawa niyang baluktot? 14 Sa kaarawan ng kaginhawahan
ay magalak ka, at sa kaarawan ng kahirapan ay gumunita
ka: oo, ginawa ng Dios ang isa sa siping ng isa, upang
ang tao ay huwag makasumpong ng anomang bagay na
mangyayari pagkamatay niya. 15 Lahat ng ito ay nakita
ko sa mga kaarawan ng aking walang kabuluhan: may
matuwid na namamatay sa kaniyang katuwiran, at may
masama na humahaba ang buhay sa kaniyang masamang
gawa. 16 Huwag kang lubhang magpakamatuwid; ni huwag
ka mang lubhang magpakapantas: bakit sisirain mo ang
iyong sarili? 17 Huwag kang magpakasamang lubha,
ni magpakamangmang man: bakit ka mamamatay bago
dumating ang iyong kapanahunan? 18 Mabuti na ikaw ay
manghawak dito; oo, doon man ay huwag mong iurong ang
iyong kamay: sapagka't siyang natatakot sa Dios ay lalayo
sa lahat na yaon. 19 Karunungan ay kalakasan sa pantas,
na higit kay sa sangpung pinuno na nangasa bayan. 20
Tunay na walang matuwid sa lupa, na gumagawa ng mabuti,
at hindi nagkakasala. 21 Huwag ka rin namang makinig
sa lahat ng mga salita na sinasalita, baka marinig mong
sinusumpa ka ng iyong alipin: 22 Sapagka't madalas ding
nalalaman ng iyong sariling puso, na ikaw ay sumumpa rin
sa mga iba. 23 Lahat ng ito ay tinikman ko sa karunungan:
aking sinabi, Ako'y magiging pantas: nguni't malayo sa
akin. 24 Ang nilikha ay malayo at totoong malalim; sinong
makaaabot? 25 Ako'y pumihit at inilagak ang aking puso na
umalam, at sumiyasat, at humanap ng karunungan, at ng
kadahilanan ng mga bagay, at umalam na ang kasamaan
ay kamangmangan, at ang kamangmangan ay kaululan:
26 At nakasumpong ako ng bagay na lalong mapait kay
sa kamatayan, sa makatuwid baga'y ang babae na ang
puso ay mga silo at mga bitag, at ang kaniyang mga kamay
ay gaya ng mga panali: ang nalulugod sa Dios ay tatakas
sa kaniya; nguni't ang makasalanan ay makukuha niya.
27 Narito, ito'y aking nasumpungan, sabi ng Mangangaral,
na iniaagapay ang isang bagay sa iba, upang matagpuan
ang kadahilanan: 28 Na hinahanap pa ng aking kaluluwa,
nguni't hindi ko nasumpungan: isang tao sa isang libo ang
aking nasumpungan; nguni't isang babae sa lahat ng mga
yaon ay hindi ko nasumpungan. 29 Narito, ito lamang ang

aking nasumpungan, na ginawang matuwid ng Dios ang tao;
nguni't nagsihanap sila ng maraming katha.

8 Sino ang gaya ng pantas na lalake? at sinong nakakaalam
ng kahulugan ng isang bagay? Ang karunungan ng tao
ay nagpapasilang ng kaniyang mukha, at ang katigasan ng
kaniyang mukha ay nababago. 2 Ipinapayo ko sa iyo, ingatan
mo ang utos ng hari, at siya'y dahil sa sumpa ng Dios. 3
Huwag kang magmadaling umalis sa kaniyang harapan;
huwag kang mamalagi sa masamang bagay: sapagka't
kaniyang ginagawa ang anomang kaniyang kalugdan. 4
Sapagka't ang salita ng hari ay may kapangyarihan; at
sinong makapagsasabi sa kaniya, Anong ginagawa mo? 5
Ang nagiingat ng utos ay hindi makakaalam ng masamang
bagay; at ang puso ng pantas ay nagbubulay ng panahon
at kahatulan: 6 Sapagka't sa bawa't panukala ay may
kapanahunan at kahatulan; sapagka't ang karalitaan ng
tao ay malaki sa kaniya: 7 Sapagka't hindi niya nalalaman
ang mangyayari; sapagka't sinong makapagsasaysay sa
kaniya, kung paanong mangyayari? 8 Walang tao na may
kapangyarihan sa diwa upang pumigil ng diwa; ni walang
kapangyarihan siya sa kaarawan ng kamatayan; at walang
dahilan sa pakikipagpunyaging yaon: ni maililigtas siya
ng kasamaan, na taglay niya. 9 Lahat ng ito ay nakita
ko, at inihilig ko ang aking puso sa bawa't gawa, na
nagawa sa ilalim ng araw: may panahon na ang isa ay
may kapangyarihan sa isa sa kaniyang kapahamakan.
10 At gayon din nakita ko ang masama na nakalibing, at
nagsidating sa hukay; at silang nagsigawa ng matuwid ay
nagsialis sa dakong banal, at nalimutan sa bayan: ito man
ay walang kabuluhan. 11 Sapagka't ang hatol laban sa
masamang gawa ay hindi isinasagawa agad, kaya't ang
puso ng mga anak ng mga tao ay lubos na nangalalagak
sa paggawa ng kasamaan. 12 Bagaman ang makasalanan
ay gumawa ng kasamaan na makaisang daan, at humaba
ang kaniyang buhay, gayon ma'y tunay, na talastas ko, na
ikabubuti nilang nangatatakot sa Dios, na nangatatakot sa
harap niya: 13 Nguni't hindi ikabubuti ng masama, ni hahaba
man ang kaniyang buhay na parang isang anino; sapagka't
siya'y hindi natatakot sa harap ng Dios. 14 May walang
kabuluhan na nangyayari sa lupa; na may mga matuwid na
tao na kinapapangyarihan ng ayon sa gawa ng masama;
muli, may mga masamang tao na kinapapangyarihan ng
ayon sa gawa ng matuwid; aking sinabi, na ito man ay
walang kabuluhan. 15 Nang magkagayo'y pinuri ko ang
kalayawan, sapagka't ang tao ay walang maiging bagay sa
ilalim ng araw, kundi ang kumain, at uminom, at magsaya:
sapagka't tatahang kasama niya sa kaniyang gawa lahat
ng mga kaarawan ng kaniyang buhay na ibinigay ng Dios
sa kaniya sa ilalim ng araw. 16 Nang aking ikiling ang
aking puso upang makaalam ng karunungan, at upang
makakita ng gawain na ginagawa sa lupa: (sapagka't may
hindi nakakakita ng tulog ng kahit araw o gabi man ng
kaniyang mga mata: ) 17 Namasdan ko nga ang lahat ng
gawa ng Dios, na hindi matalastas ng tao ang gawa na
ginagawa sa ilalim ng araw: sapagka't sikaping mainam man
ng tao na hanapin, ay hindi rin masusumpungan; oo, bukod
dito, bagaman isipin ng pantas na maalaman hindi rin niya
masusumpungan.

9 Sapagka't lahat ng ito ay inilagak ko sa aking puso, upang
siyasatin ang lahat ng ito; na ang matuwid, at ang pantas,
at ang kanilang mga gawa, ay nangasa kamay ng Dios:
maging pagibig o pagtatanim hindi nalalaman ng tao; lahat ay
nangasa harap nila. 2 Lahat ng mga bagay ay nagsisidating
na parapara sa lahat: may isang pangyayari sa matuwid at sa
masama; sa mabuti, at sa malinis, at sa marumi; sa kaniyang
naghahain at sa kaniyang hindi naghahain: kung paano ang
mabuti, gayon ang makasalanan; at ang sumusumpa, gaya
ng natatakot sa sumpa. 3 Ito'y isang kasamaan sa lahat na
nalikha sa ilalim ng araw, na may isang pangyayari sa lahat:
oo, gayon din, ang puso ng mga anak ng mga tao ay puspos
ng kasamaan, at kaululan ang nasa kanilang puso habang
sila'y nangabubuhay, at pagkatapos niyaon ay napatutungo
sa pagkamatay. 4 Sapagka't sa kaniya, na napisan sa lahat
na may buhay ay may pagasa: sapagka't ang buhay na aso
ay maigi kay sa patay na leon. 5 Sapagka't nalalaman ng
mga buhay, na sila'y mangamamatay: nguni't hindi nalalaman
ng patay ang anomang bagay ni mayroon pa man silang
kagantihan; sapagka't ang alaala sa kanila ay nakalimutan.
6 Maging ang kanilang pagibig, gaya ng kanilang pagtatanim
at ng kanilang pananaghili ay nawala ngayon; na wala
man silang anomang bahagi pa na magpakailan man sa
anomang bagay na nagawa sa ilalim ng araw. 7 Yumaon
ka ng iyong lakad, kumain ka ng iyong tinapay na may
kagalakan, at uminom ka ng iyong alak na may masayang
puso; sapagka't tinanggap na ng Dios ang iyong mga gawa.
8 Maging maputing lagi ang iyong mga suot; at huwag
magkulang ng unguento ang iyong ulo. 9 Ikaw ay mabuhay
na masaya na kalakip ng asawa na iyong iniibig sa lahat
ng mga kaarawan ng buhay ng iyong walang kabuluhan,
na kaniyang ibinigay sa iyo sa ilalim ng araw, lahat ng
mga kaarawan ng iyong walang kabuluhan: sapagka't iyan
ang iyong bahagi sa buhay, at sa iyong gawa na iyong
ginagawa sa ilalim ng araw. 10 Anomang masumpungang
gawain ng iyong kamay, gawin mo ng iyong kapangyarihan;
sapagka't walang gawa, ni katha man, ni kaalaman man, ni
karunungan man, sa Sheol, na iyong pinaparunan. **(Sheol
h7585)** 11 Ako'y bumalik, at nakita ko sa ilalim ng araw, na
ang paguunahan ay hindi sa mga matulin, ni ang pagbabaka

man ay sa mga malakas, ni sa mga pantas man ang tinapay,
ni ang mga kayamanan man ay sa mga taong naguunawa,
ni ang kaloob man ay sa taong matalino; kundi ang panahon
at kapalaran ay mangyayari sa kanilang lahat. **12** Sapagka't
hindi rin nalalaman ng tao ang kaniyang kapanahunan: kung
paano ang mga isda na nahuhuli sa masamang lambat,
at kung paano ang mga ibon na nahuhuli sa bitag, gayon
ang mga anak ng mga tao, ay nasisilo sa masamang
kapanahunan, pagka biglang nahuhulog sa kanila. **13** Nakita
ko rin ang karunungan sa ilalim ng araw, sa ganitong anyo,
at naging tila dakila sa akin: **14** Nagkaroon ng maliit na
bayan, at iilan ang tao sa loob niyaon; at may dumating
na dakilang hari laban doon, at kumubkob, at nagtayo ng
mga malaking tanggulan laban doon: **15** May nasumpungan
nga roong isang dukhang pantas na lalake, at iniligtas niya
ng kaniyang karunungan ang bayan; gayon ma'y walang
umalaala sa dukhang lalaking yaon. **16** Nang magkagayo'y
sinabi ko, Karunungan ay maigi kay sa kalakasan: gayon
ma'y karunungan ng dukhang taong yaon ay hinamak, at
ang kaniyang mga salita ay hindi dinidinig. **17** Ang mga salita
ng pantas na sinalitang marahan ay narinig na higit kay sa
hiyaw ng nagpupuno sa mga mangmang. **18** Karunungan ay
maigi kay sa mga sandata sa pakikipagdigma: nguni't ang
isang makasalanan ay sumisira ng maraming mabuti.

**10** Ang mga patay na langaw ay nagpapabaho sa
unguento ng manggagawa ng pabango: gayon ang
munting kamangmangan ay sumisira ng karunungan at
karangalan. **2** Ang puso ng pantas na tao ay nasa kaniyang
kanang kamay; nguni't ang puso ng mangmang ay sa
kaniyang kaliwa. **3** Oo gayon din, pagka ang mangmang ay
lumalakad sa daan, ay nawawalan siya ng bait, at kaniyang
sinasabi sa bawa't isa, na siya'y isang ulol. **4** Kung ang diwa
ng pinuno ay bumangon laban sa iyo, huwag kang umalis:
sapagka't ang pagpapakalumanay ay nagpapalikat ng mga
malaking pagkagalit. **5** May isang kasamaan, na nakita ko sa
ilalim ng araw na tila kamalian na nanggagaling sa pinuno: **6**
Ang mangmang ay nauupo sa malaking karangalan, at ang
mayaman ay nauupo sa mababang dako. **7** Nakakita ako ng
mga alipin na nakasakay sa mga kabayo, at ng mga pangulo
na nagsisilakad sa lupa na gaya ng mga alipin. **8** Siyang
humuhukay ng lungaw ay mahuhulog doon: at ang sumisira
sa pader, ay kakagatin siya ng ahas. **9** Ang tumatabas
ng mga bato ay masasaktan niyaon; at ang pumapalakol
ng kahoy ay napapanganib doon. **10** Kung ang bakal ay
pumurol, at hindi ihasa ninoman ang talim, marapat nga
niyang gamitan ng lalong kalakasan: nguni't ang karunungan
ay pinakikinabangang magturo. **11** Kung ang ahas ay
kumagat bago maenkanto, wala ngang kapakinabangan
sa mangeenkanto. **12** Ang mga salita ng bibig ng pantas
ay mapagbiyaya; nguni't ang mga labi ng mangmang ay
lalamon sa kaniyang sarili. **13** Ang pasimula ng mga salita ng
kaniyang bibig ay kamangmangan: at ang wakas ng kaniyang
salita ay makamandag na kaululan. **14** Ang mangmang
din naman ay nagpaparami ng mga salita: gayon ma'y
hindi nalalaman ng tao kung ano ang mangyayari; at ang
mangyayari pagkamatay niya, sinong makapagsasaysay sa
kaniya? **15** Ang gawa ng mga mangmang ay nagpapayamot
sa bawa't isa sa kanila; sapagka't hindi niya nalalaman
kung paanong pagparoon sa bayan. **16** Sa aba mo, Oh
lupain, kung ang iyong hari ay isang bata, at ang iyong mga
pangulo ay nagsisikain sa umaga! **17** Mapalad ka, Oh lupain,
kung ang iyong hari ay anak ng mga mahal na tao, at ang
iyong mga pangulo ay nagsisikain sa kaukulang panahon,
sa ikalalakas, at hindi sa paglalasing! **18** Sa katamaran ay
gumuguho ang bubungan; at di sa pagkilos ng mga kamay
ay tumutulo ang bahay. **19** Ang kapistahan ay ginagawa sa
ikapagtatawa, at ang alak ay nagpapasaya sa buhay: at
ang salapi ay sumasagot sa lahat ng mga bagay. **20** Huwag
mong sumpain ang hari, huwag, huwag sa iyong pagiisip;
at huwag mong sumpain ang mayaman sa iyong silid na
tulugan: sapagka't isang ibon sa himpapawid ay magdadala
ng tinig, at ang may mga pakpak ay magsasaysay ng bagay.

**11** Ihasik mo ang iyong tinapay sa tubigan: sapagka't
iyong masusumpungan pagkaraan ng maraming araw.
**2** Magbigay ka ng bahagi sa pito, oo, sa walo; sapagka't
hindi mo nalalaman kung anong kasamaan ang mangyayari
sa lupa. **3** Kung ang mga alapaap ay mapuno ng ulan, ay
tumutulo sa lupa: at kung ang punong kahoy ay mabuwal sa
dakong timugan, o sa dakong hilagaan sa dakong kabuwalan
ng kahoy, ay doon ito mamamalagi. **4** Ang nagmamalas
sa hangin ay hindi maghahasik; at ang tumitingin sa mga
alapaap ay hindi aani. **5** Kung paanong hindi mo nalalaman
kung ano ang daan ng hangin o kung paano mang lumalaki
ang mga buto sa bahay-bata ng buntis; gayon hindi mo
nalalaman ang gawa ng Dios na gumagawa sa lahat. **6**
Ihasik mo sa umaga ang iyong binhi, at huwag mong iurong
ang iyong kamay sa hapon; sapagka't hindi mo nalalaman
kung alin ang tutubo, kung ito o yaon, o kung kapuwa
magiging mabuti. **7** Tunay na ang liwanag ay mainam, at
masayang bagay sa mga mata na magsitingin sa araw. **8**
Oo, kung ang tao ay mabuhay ng maraming taon, magalak
siya sa lahat ng yaon; nguni't alalahanin niya ang mga
kaarawan ng kadiliman, sapagka't magiging marami. Lahat
ng dumarating ay walang kabuluhan. **9** Ikaw ay magalak, Oh
binata, sa iyong kabataan: at pasayahin ka ng iyong puso sa
mga kaarawan ng iyong kabataan, at lumakad ka ng mga
lakad ng iyong kalooban, at sa paningin ng iyong mga mata:
nguni't talastasin mo na dahil sa lahat ng mga bagay na ito

ay dadalhin ka ng Dios sa kahatulan. 10 Kaya't ilayo mo ang
kapanglawan sa iyong puso, at alisin mo ang kasamaan sa
iyong katawan: sapagka't ang kabataan at ang kasariwaan
ng buhay ay walang kabuluhan.

12 Alalahanin mo rin naman ang Maylalang sa iyo sa
mga kaarawan ng iyong kabataan, bago dumating
ang mga masamang araw, at ang mga taon ay lumapit,
pagka iyong sasabihin, Wala akong kaluguran sa mga
yaon; 2 Bago ang araw, at ang liwanag, at ang buwan,
at ang mga bituin ay magdilim, at ang mga alapaap ay
magsibalik pagkatapos ng ulan. 3 Sa kaarawan na ang
mga tagapagingat ng bahay ay mangangiginig, at ang
mga malakas na lalake ay mapapayukod, at ang mga
manggigiling ay mangaglilikat sapagka't sila'y kaunti, at
yaong nagsisidungaw sa mga dungawan ay mangasisilaw, 4
At ang mga pintuan ay sasarhan sa mga lansangan; pagka
ang tunog ng giling ay humina, at ang isa'y babangon sa
tinig ng ibon, at lahat ng mga anak na babae ng tugtugin ay
mabababa; 5 Oo, sila'y mangatatakot sa mataas, at ang mga
kakilabutan ay mapapasa daan; at ang puno ng almendro ay
mamumulaklak; at ang balang ay magiging pasan, at ang
pita ay manglulupaypay: sapagka't ang tao ay pumapanaw
sa kaniyang malaong tahanan, at ang mga tagapanangis ay
nagsisigala sa mga lansangan: 6 Bago ang panaling pilak
ay mapatid, o ang mangkok na ginto ay mabasag, o ang
banga ay mabasag sa bukal, o ang gulong ay masira sa
balon; 7 At ang alabok ay mauuwi sa lupa gaya ng una,
at ang diwa ay mababalik sa Dios na nagbigay sa kaniya.
8 Walang kabuluhan ng mga walang kabuluhan, sabi ng
Mangangaral; lahat ay walang kabuluhan. 9 At bukod dito,
sapagka't ang Mangangaral ay pantas, ay nagpatuloy siya
ng pagtuturo ng kaalaman sa bayan; oo, siya'y nagaral, at
sumiyasat, at umayos ng maraming kawikaan. 10 Humanap
ang Mangangaral ng mga nakalulugod na salita, at ng
nasusulat na matuwid, na mga salita ng katotohanan. 11
Ang mga salita ng pantas ay gaya ng mga tulis; at gaya
ng mga pako na nakakapit na mabuti, ang mga salita ng
mga pangulo ng mga kapulungan, na nabigay mula sa isang
pastor. 12 At bukod dito, anak ko, maaralan ka: tungkol
sa paggawa ng maraming aklat ay walang wakas; at ang
maraming pagaaral ay kapaguran ng katawan. 13 Ito ang
wakas ng bagay; lahat ay narinig: ikaw ay matakot sa Dios,
at sundin mo ang kaniyang mga utos; sapagka't ito ang
buong katungkulan ng tao. 14 Sapagka't dadalhin ng Dios
ang bawa't gawa sa kahatulan, pati ng bawa't kubling bagay,
maging ito'y mabuti o maging ito'y masama.

# Awit ng mga Awit

**1** Ang awit ng mga awit, na kay Salomon. **2** Hagkan niya
ako ng mga halik ng kaniyang bibig: sapagka't ang iyong
pagsinta ay maigi kay sa alak. **3** Ang iyong mga langis
ay may masarap na amoy; ang iyong pangalan ay gaya
ng langis na ibinuhos; kaya't sinisinta ka ng mga dalaga.
**4** Batakin mo ako, tatakbo kaming kasunod mo: Ipinasok
ako ng hari sa kaniyang mga silid: kami ay matutuwa at
magagalak sa iyo. Aming babanggitin ang iyong pagsinta
ng higit kay sa alak: matuwid ang pagsinta nila sa iyo. **5**
Ako'y maitim, nguni't kahalihalina, Oh kayong mga anak
na babae ng Jerusalem, gaya ng mga tolda sa Cedar,
gaya ng mga tabing ni Salomon. **6** Huwag ninyo akong
masdan dahil sa ako'y kayumanggi, sapagka't sinunog ako
ng araw. Ang mga anak ng aking ina ay nagalit laban sa
akin, kanilang ginawa akong tagapagingat ng mga ubasan;
nguni't ang sarili kong ubasan ay hindi ko iningatan. **7**
Saysayin mo sa akin, ikaw na sinisinta ng aking kaluluwa,
kung saan mo pinapastulan ang iyong kawan, kung saan
mo pinagpapahinga sa katanghaliang tapat: sapagka't bakit
ako'y magiging gaya ng nalalambungan sa siping ng mga
kawan ng iyong mga kasama? **8** Kung hindi mo nalalaman,
Oh ikaw na pinakamaganda sa mga babae, yumaon kang
sumunod sa mga bakas ng kawan, at pastulan mo ang iyong
mga anak ng kambing sa siping ng mga tolda ng mga pastor.
**9** Aking itinulad ka, Oh aking sinta, sa isang kabayo sa mga
karo ni Faraon. **10** Pinagaganda ang iyong mga pisngi ng
mga tirintas ng buhok, ang iyong leeg ng mga kuwintas na
hiyas. **11** Igagawa ka namin ng mga kuwintas na ginto na
may mga kabit na pilak. **12** Samantalang ang hari ay nauupo
sa kaniyang dulang, ang aking nardo ay humahalimuyak
ng kaniyang bango. **13** Ang aking sinta ay gaya ng bigkis
ng mira sa akin, na humihilig sa pagitan ng aking mga
suso. **14** Ang sinta ko ay gaya ng kumpol ng bulaklak ng
alhena sa akin sa mga ubasan ng En-gadi. **15** Narito, ikaw
ay maganda, sinta ko, narito, ikaw ay maganda; ang iyong
mga mata ay gaya ng mga kalapati. **16** Narito, ikaw ay
maganda sinisinta ko, oo, maligaya: ang ating higaan naman
ay lungtian. **17** Ang mga kilo ng ating bahay ay mga sedro,
at ang kaniyang mga bubong ay mga sipres.

**2** Ako'y rosa ng Saron, lila ng mga libis. **2** Kung paano
ang lila sa gitna ng mga tinik, gayon ang aking pagsinta
sa mga dalaga. **3** Kung paano ang puno ng mansanas sa
gitna ng mga punong kahoy sa gubat, gayon ang aking
sinta sa gitna ng mga anak na lalake. Ako'y nauupo sa
ilalim ng kaniyang lilim na may malaking kaluguran. At
ang kaniyang bunga ay naging matamis sa aking lasa. **4**
Dinala niya sa bahay na may pigingan, at ang kaniyang
watawat sa akin ay pagsinta. **5** Kandilihin ninyo ako ng mga
pasas, aliwin ninyo ako ng mga mansanas: sapagka't ako'y
may sakit na pagsinta. **6** Ang kaniyang kaliwang kamay ay
nasa ilalim ng aking ulo, at ang kaniyang kanang kamay
ay yumayakap sa akin. **7** Pinagbibilinan ko kayo, Oh mga
anak na babae ng Jerusalem, alangalang sa mga usang
lalake at babae sa parang, na huwag ninyong pukawin, o
gisingin man ang aking pagsinta, hanggang sa ibigin niya.
**8** Ang tinig ng aking sinta! narito, siya'y dumarating, na
lumulukso sa mga bundok, lumulundag sa mga burol. **9** Ang
aking sinta ay gaya ng usa o ng batang usa: narito, siya'y
tumatayo sa likod ng ating bakod, siya'y sumusungaw sa
mga dungawan, siya'y napakikita sa mga silahia. **10** Ang
aking sinta ay nagsalita, at nagsabi sa akin, Bumangon ka,
sinta ko, maganda ko, at tayo na. **11** Sapagka't narito, ang
tagginaw ay nakaraan; ang ulan ay lumagpas at wala na; **12**
Ang mga bulaklak ay namumukadkad sa lupa; ang panahon
ng pagaawitan ng mga ibon ay dumarating, at ang tinig
ng batobato ay naririnig sa ating lupain; **13** Nahihinog ang
sariwang mga bunga ng puno ng higos, at ang mga puno
ng ubas ay namumulaklak, kanilang pinahahalimuyak ang
kanilang bango. Bumangon ka, sinta ko, maganda ko, at
tayo na. **14** Oh kalapati ko, na nasa mga bitak ng malalaking
bato, sa puwang ng matarik na dako, ipakita mo sa akin ang
iyong mukha, iparinig mo sa akin ang iyong tinig; Sapagka't
matamis ang iyong tinig, at ang iyong mukha ay kahalihalina.
**15** Hulihin ninyo para sa atin ang mga sora, ang mga munting
sora na naninira ng mga ubasan; sapagka't ang ating mga
ubasan ay namumulaklak. **16** Ang sinta ko ay akin, at ako ay
kaniya: pinapastulan niya ang kaniyang kawan sa gitna ng
mga lila. **17** Hanggang sa ang araw ay lumamig, at ang mga
lilim ay mawala, pumihit ka, sinta ko, at ikaw ay maging
gaya ng usa o ng batang usa sa mga bundok ng Bether.

**3** Sa kinagabihan sa aking higaan, ay hinahanap ko siya
na sinisinta ng aking kaluluwa: aking hinanap siya,
nguni't hindi ko siya nasumpungan. **2** Aking sinabi, ako'y
babangon at liligid sa bayan, sa mga lansangan at sa mga
maluwang na daan, aking hahanapin siya na sinisinta ng
aking kaluluwa: aking hinanap siya, nguni't hindi ko siya
nasumpungan. **3** Ang mga bantay na nagsisilibot sa bayan
ay nasumpungan ako: na siya kong pinagsabihan, nakita
baga ninyo siya na sinisinta ng aking kaluluwa? **4** Kaunti
lamang ang inilagpas ko sa kanila. Nang masumpungan
ko siya na sinisinta ng aking kaluluwa: pinigilan ko siya,
at hindi ko binayaang umalis, hanggang sa siya'y aking
nadala sa bahay ng aking ina, at sa silid niya na naglihi
sa akin. **5** Pinagbibilinan ko kayo, Oh mga anak na babae
ng Jerusalem, alangalang sa mga usang lalake at babae

sa parang, na huwag ninyong pukawin o gisingin man
ang aking sinta, hanggang sa ibigin niya. 6 Sino itong
umaahong mula sa ilang na gaya ng mga haliging usok,
na napapabanguhan ng mira at ng kamangyan, ng lahat
na blanquete ng mangangalakal? 7 Narito, ito ang arag-
arag ni Salomon; anim na pung makapangyarihang lalake ay
nangasa palibot nito, sa mga makapangyarihang lalake ng
Israel. 8 Silang lahat ay nagsisihawak ng tabak, at bihasa
sa pakikidigma: bawa't isa'y may tabak sa kaniyang pigi,
dahil sa takot kung gabi. 9 Ang haring Salomon ay gumawa
para sa kaniya ng palankin na kahoy sa Libano, 10 Ginawa
niya ang mga haligi niyaon na pilak, ang pinakailalim niyaon
ay ginto, at ang upuan ay kulay ube, ang gitna niyaon ay
nalalatagan ng pagsinta, na mula sa mga anak na babae
ng Jerusalem. 11 Magsilabas kayo, Oh kayong mga anak
na babae ng Sion, at inyong masdan ang haring Salomon,
na may putong na ipinutong sa kaniya ng kaniyang ina,
sa kaarawan ng kaniyang pagaasawa, at sa kaarawan ng
kasayahan ng kaniyang puso.

4 Narito, ikaw ay maganda, sinta ko; narito, ikaw ay
maganda; ang iyong mga mata ay gaya ng mga kalapati
sa likod ng iyong lambong: ang iyong buhok ay gaya ng
kawan ng mga kambing, na nagpapahinga sa gulod ng
bundok ng Galaad. 2 Ang iyong mga ngipin ay gaya ng
mga kawan ng mga tupa na bagong gupit, na nagsiahong
mula sa pagpaligo, na bawa't isa'y may anak na kambal,
at walang baog sa kanila. 3 Ang iyong mga labi ay gaya
ng pising mapula, at ang iyong bibig ay kahalihalina: ang
iyong mga pisngi ay gaya ng putol ng granada. Sa likod ng
iyong lambong. 4 Ang iyong leeg ay gaya ng moog ni David
na itinayo na pinaka sakbatan, na kinabibitinan ng libong
kalasag, ng lahat na kalasag ng mga makapangyarihang
lalake. 5 Ang iyong dalawang suso ay gaya ng dalawang
batang usa na mga kambal ng isang inahin, na nagsisisabsab
sa gitna ng mga lila. 6 Hanggang sa ang araw ay lumamig
at ang mga lilim ay tumakas, ako'y paroroon sa bundok
ng mira, at sa burol ng kamangyan. 7 Ikaw ay totoong
maganda, sinta ko; at walang kapintasan sa iyo. 8 Sumama
ka sa akin mula sa Libano, kasintahan ko, na kasama ko
mula sa Libano: tumanaw ka mula sa taluktok ng Amana,
mula sa taluktok ng Senir at ng Hermon, mula sa mga
yungib ng mga leon, mula sa mga bundok ng mga leopardo.
9 Inagaw mo ang aking puso, kapatid ko, kasintahan ko,
iyong inagaw ang aking puso ng isang sulyap ng iyong mga
mata, ng isang kuwintas ng iyong leeg. 10 Pagkaganda ng
iyong pagsinta, kapatid ko, kasintahan ko! Pagkaigi ng iyong
pagsinta kay sa alak! At ang amoy ng iyong mga langis
kay sa lahat na sari-saring pabango! 11 Ang iyong mga
labi, Oh kasintahan ko, na nagsisitulo na gaya ng pulot-
pukyutan: pulot at gatas ay nasa ilalim ng iyong dila; at ang
amoy ng iyong mga suot ay gaya ng amoy ng Libano. 12
Halamanang nababakuran ang kapatid ko, ang kasintahan
ko; bukal na nababakuran, balon na natatakpan. 13 Ang
iyong mga pananim ay halamanan ng mga granada, na may
mahalagang mga bunga; albena sangpu ng mga pananim
na nardo, 14 Nardo at azafran, calamo at kanela, sangpu ng
lahat na punong kahoy na kamangyan; mira at mga eloe,
sangpu ng lahat na pinakamainam na especia. 15 Ikaw ay
bukal ng mga halamanan, balon ng mga buhay na tubig,
at mga balong na tubig na mula sa Libano. 16 Gumising
ka, Oh hilagaang hangin; at parito ka, ikaw na timugan;
humihip ka sa aking halamanan, upang ang mga bango
niya'y sumalimuoy. Masok ang aking sinta sa kaniyang
halamanan, at kumain siya ng kaniyang mahalagang mga
bunga.

5 Ako'y dumating sa aking halamanan, kapatid ko,
kasintahan ko: aking dinampot ang aking mira pati ang
aking especia; aking kinain ang aking pulotpukyutan pati ang
aking pulot; aking ininom ang aking alak pati ang aking gatas.
Magsikain kayo, Oh mga kaibigan; magsiinom kayo, oo,
magsiinom kayo ng sagana, Oh sinisinta. 2 Ako'y nakatulog,
nguni't ang aking puso ay gising: ang tinig ng aking sinta ang
siyang tumutuktok, na kaniyang sinasabi, pagbuksan mo ako,
kapatid ko, sinta ko, kalapati ko, sakdal ko: sapagka't ang
aking ulo ay basa ng hamog, ang aking mga kulot na buhok
ay ng mga patak ng gabi. 3 Aking hinubad ang aking suot;
paanong aking isusuot? Aking hinugasan ang aking mga paa
paanong sila'y aking dudumhan? 4 Isinuot ng aking sinta ang
kaniyang kamay sa butas ng pintuan, at nakilos ang aking
puso sa kaniya. 5 Ako'y bumangon upang pagbuksan ang
aking sinta; at ang aking mga kamay ay tutulo ng mira, at ang
aking mga daliri ng malabnaw na mira. Sa mga tatangnan
ng trangka. 6 Aking pinagbuksan ang aking sinta: nguni't
ang aking sinta ay umurong at nakaalis, napanglupaypay na
ako ng aking kaluluwa nang siya'y magsalita: aking hinanap
siya, nguni't hindi ko nasumpungan siya; aking tinawag siya,
nguni't hindi siya sumagot sa akin. 7 Nasumpungan ako
ng mga bantay na nagsisilibot sa bayan, sinaktan nila ako,
sinugatan nila ako, inalis sa akin ang aking balabal ng mga
tanod ng mga kuta. 8 Pinagbibilinan ko kayo, Oh mga anak
na babae ng Jerusalem, kung inyong masumpungan ang
aking sinta, na inyong saysayin sa kaniya, na ako'y may
sakit, na pagsinta. 9 Ano ang iyong sinta na higit kay sa
ibang sinta, Oh ikaw na pinakamaganda sa mga babae?
Ano ang iyong sinta na higit kay sa ibang sinta, na iyong
ibinibilin sa amin ng ganyan? 10 Ang aking sinisinta ay
maputi at mapulapula na pinakamainam sa sangpung libo.
11 Ang kaniyang ulo ay gaya ng pinakamainam na ginto: ang

kaniyang kulot na buhok ay malago at maitim na gaya ng
uwak. 12 Ang kaniyang mga mata ay gaya ng mga kalapati
sa siping ng mga batis ng tubig; na hinugasan ng gatas
at bagay ang pagkalagay. 13 Ang kaniyang mga pisngi ay
gaya ng pitak ng mga especia, gaya ng mga bunton ng mga
mainam na gulay: ang kaniyang mga labi ay gaya ng mga
lila na tumutulo ng malabnaw na mira. 14 Ang kaniyang mga
kamay ay gaya ng mga singsing na ginto na may lakip na
berilo: ang kaniyang katawan ay gaya ng yaring garing na
binalot ng mga zafiro. 15 Ang kaniyang mga hita ay gaya
ng haliging marmol, na nalalapag sa mga tungtungan na
dalisay na ginto: ang kaniyang anyo ay gaya ng Libano na
marilag na gaya ng mga sedro. 16 Ang kaniyang bibig ay
pinakamatamis: Oo, siya'y totoong kaibigibig. Ito'y aking
sinta at ito'y aking kaibigan, Oh mga anak na babae ng
Jerusalem.

6 Saan naparoon ang iyong sinisinta, Oh ikaw na
pinakamaganda sa mga babae? Saan tumungo ang iyong
sinisinta, upang siya'y aming mahanap na kasama mo? 2
Ang sinisinta ko'y bumaba sa kaniyang halamanan, sa mga
pitak ng mga especia, upang magaliw sa mga halaman, at
upang mamitas ng mga lila. 3 Ako'y sa aking sinisinta, at ang
sinisinta ko ay akin: pinapastulan niya ang kaniyang kawan
sa gitna ng mga lila. 4 Ikaw ay maganda, sinta ko, na gaya
ng Tirsa, kahalihalina na gaya ng Jerusalem, kakilakilabot
na gaya ng hukbo na may mga watawat. 5 Ihiwalay mo ang
iyong mga mata sa akin, Sapagka't kanilang dinaig ako.
Ang iyong buhok ay gaya ng kawan ng mga kambing, na
nangahihilig sa gulod ng Galaad. 6 Ang iyong mga ngipin
ay gaya ng kawan ng mga babaing tupa, na nagsiahong
mula sa pagpaligo; na bawa't isa'y may anak na kambal, at
walang baog sa kanila. 7 Ang iyong mga pisngi ay gaya ng
putol ng granada sa likod ng iyong lambong. 8 May anim
na pung reina, at walong pung babae; at mga dalaga na
walang bilang. 9 Ang aking kalapati, ang aking sakdal ay isa
lamang; siya ang bugtong ng kaniyang ina; siya ang pili ng
nanganak sa kaniya. Nakita siya ng mga anak na babae,
at tinawag siyang mapalad; Oo, ng mga reina at ng mga
babae, at pinuri siya nila. 10 Sino siyang tumitinging parang
umaga, maganda na parang buwan, maliwanag na parang
araw, kakilakilabot na parang hukbo na may mga watawat?
11 Ako'y bumaba sa halamanan ng mga pile, upang tingnan
ang mga sariwang pananim ng libis, upang tingnan kung
nagbubuko ang puno ng ubas, at ang mga puno ng granada
ay namumulaklak. 12 Bago ko naalaman, inilagay ako ng
aking kaluluwa sa gitna ng mga karo ng aking marangal na
bayan. 13 Bumalik ka, bumalik ka, Oh Sulamita; bumalik
ka, bumalik ka, upang ikaw ay aming masdan. Bakit ninyo
titingnan ang Sulamita, nang gaya sa sayaw ng Mahanaim.

7 Pagkaganda ng iyong mga paa sa mga panyapak, Oh
anak na babae ng pangulo! Ang mga pagkakaugpong ng
iyong mga hita ay gaya ng mga hiyas, na gawa ng mga
kamay ng bihasang manggagawa. 2 Ang iyong katawan ay
gaya ng mabilog na tasa, na hindi pinagkukulangan ng alak
na may halo: ang iyong tiyan ay gaya ng bunton ng trigo na
nalalagay sa palibot ng mga lila. 3 Ang iyong dalawang suso
ay gaya ng dalawang batang usa na mga kambal na usa.
4 Ang iyong leeg ay gaya ng moog na garing; ang iyong
mga mata ay gaya ng mga lawa sa Hesbon sa siping ng
pintuang-bayan ng Batrabbim; ang iyong ilong ay gaya ng
moog ng Libano na nakaharap sa Damasco. 5 Ang iyong
ulo sa iyo ay gaya ng Carmelo, at ang buhok ng iyong
ulo ay gaya ng kulay ube; ang hari ay nabibihag sa mga
kinulot niyaon. 6 Pagkaganda at pagkaligaya mo, Oh sinta,
sa mga kaluguran! 7 Itong iyong tayo ay parang puno ng
palma, at ang iyong mga suso ay sa mga buwig ng mga
ubas. 8 Aking sinabi, ako'y aakyat sa puno ng palma, ako'y
hahawak sa mga sanga niyaon; ang iyong mga suso ay
maging gaya ng mga buwig ng puno ng ubas, at ang amoy
ng iyong hinga ay gaya ng mga mansanas; 9 At ang iyong
bibig ay gaya ng pinakamainam na alak, na tumutulong
marahan para sa aking sinisinta, na dumudulas sa mga labi
ng nangatutulog. 10 Ako'y sa aking sinisinta, at ang kaniyang
nasa ay sa akin. 11 Parito ka, sinisinta ko, lumabas tayo sa
parang; tumigil tayo sa mga nayon. 12 Sampahin nating
maaga ang mga ubasan: tingnan natin kung ang puno ng
ubas ay nagbubuko, at kung ang kaniyang mga bulaklak ay
nagsisibuka, at kung ang mga granada ay namumulaklak:
doo'y idudulot ko sa iyo ang aking pagsinta. 13 Ang mga
mandragora ay nagpapahalimuyak ng bango, at nasa ating
mga pintuan ang lahat na sarisaring mahalagang bunga,
bago at luma, na aking inilapag para sa iyo, Oh sinisinta ko.

8 Oh ikaw sana'y naging aking kapatid, na humitit ng mga
suso ng aking ina! Pagka nasumpungan kita sa labas,
hahagkan kita; Oo, at walang hahamak sa akin. 2 Aking
papatnubayan ka, at dadalhin kita sa bahay ng aking ina,
na magtuturo sa akin; aking paiinumin ka ng hinaluang
alak, ng katas ng aking granada. 3 Ang kaniyang kaliwang
kamay ay malalagay sa ilalim ng aking ulo, at ang kaniyang
kanang kamay ay yayakap sa akin. 4 Pinagbibilinan ko kayo,
Oh mga anak na babae ng Jerusalem, na huwag ninyong
pukawin o gisingin man ang sinta ko, hanggang sa ibigin
niya. 5 Sino itong umaahong mula sa ilang, na humihilig
sa kaniyang sinisinta? Sa ilalim ng punong mansanas ay
ginising kita: doon nagdamdam sa iyo ang iyong ina, doon
nagdamdam yaong nanganak sa iyo. 6 Ilagay mo akong
pinakatatak sa iyong puso, pinakatatak sa iyong bisig:
sapagka't ang pagsinta ay malakas na parang kamatayan,

panibugho ay mabagsik na parang Sheol: ang mga liyab
niyaon ay parang mga liyab ng apoy, isang pinaka liyab
ng Panginoon. **(Sheol h7585)** **7** Ang maraming tubig ay hindi
makapapatay sa pagsinta, ni mapauurong man ng mga
baha; kung ibigay ng lalake ang lahat na laman ng kaniyang
bahay dahil sa pagsinta, siya'y lubos na kukutyain. **8** Tayo'y
may isang munting kapatid na babae, at siya'y walang mga
suso: ano ang ating gagawin sa ating kapatid na babae sa
araw na siya'y ipakikiusap? **9** Kung siya'y maging isang
kuta, pagtatayuan natin siya ng moog na pilak: at kung
siya'y maging isang pintuan, ating tatakpan ng mga tablang
sedro. **10** Ako'y isang kuta, at ang aking mga suso ay parang
mga moog niyaon: ako nga'y naging sa harap ng kaniyang
mga mata ay parang nakakasumpong ng kapayapaan.
**11** Si Salomon ay may ubasan sa Baal-hamon; kaniyang
pinaupahan ang ubasan sa mga tagapamahala; bawa't isa'y
nagdadala dahil sa bunga niyaon ng isang libong putol na
pilak. **12** Ang aking ubasan na akin ay nasa harap ko; ikaw,
Oh Salomon, ay magkakaroon ng libo, at ang nangagiingat
ng bunga niyaon ay dalawang daan. **13** Ikaw na tumatahan
sa mga halamanan, ang mga kasama ay nangakikinig ng
iyong tinig: iparinig mo sa akin. **14** Ikaw ay magmadali,
sinisinta ko, at ikaw ay maging parang usa o batang usa sa
mga bundok ng mga especia.

# Isaias

1 Ang pangitain ni Isaias na anak ni Amoz, na nakita
tungkol sa Juda at Jerusalem, sa mga kaarawan ni
Uzias, ni Jotham, ni Ahaz, at ni Ezechias, na mga hari sa
Juda. 2 Dinggin mo, Oh langit, at pakinggan mo, Oh lupa,
sapagka't sinalita ng Panginoon: Ako'y nagalaga at nagpalaki
ng mga bata, at sila'y nanganghimagsik laban sa akin. 3
Nakikilala ng baka ang kaniyang panginoon, at ng asno ang
pasabsaban ng kaniyang panginoon: nguni't ang Israel ay
hindi nakakakilala, ang bayan ko ay hindi gumugunita. 4 Ah
bansang salarin, bayang napapasanan ng kasamaan, lahi ng
mga manggagawa ng kasamaan, mga anak na nagsisigawa
ng kalikuan: pinabayaan nila ang Panginoon, hinamak nila
ang Banal ng Israel, sila'y nangapalayo na nagsiurong. 5
Bakit kayo'y hahampasin pa, na kayo'y manganghimagsik ng
higit at higit? ang buong ulo ay masakit, at ang buong puso
ay nanglulupaypay. 6 Mula sa talampakan ng paa hanggang
sa ulo ay walang kagalingan; kundi mga sugat, at mga pasa,
at nangagnananang sugat: hindi nangatikom, o nangatalian
man, o nangapahiran man ng langis. 7 Ang inyong lupain
ay giba; ang inyong mga bayan ay sunog ng apoy; ang
inyong lupain ay nilalamon ng mga taga ibang lupa sa inyong
harapan, at giba, na gaya ng iniwasak ng mga taga ibang
lupa. 8 At ang anak na babae ng Sion ay naiwang parang
balag sa isang ubasan, parang pahingahan sa halamanan
ng mga pepino, parang bayang nakukubkob. 9 Kung hindi
nagiwan sa atin ng napakakaunting labi ang Panginoon ng
mga hukbo, naging gaya sana tayo ng Sodoma, naging gaya
sana tayo ng Gomorra. 10 Pakinggan ninyo ang salita ng
Panginoon, ninyong mga pinuno ng Sodoma; mangakinig
kayo sa kautusan ng ating Dios, kayong bayan ng Gomorra.
11 Sa anong kapararakan ang karamihan ng inyong mga hain
sa akin? sabi ng Panginoon: ako'y puno ng mga handog
na susunugin na mga lalaking tupa, at ng mataba sa mga
hayop na pinataba; at ako'y hindi nalulugod sa dugo ng mga
toro, o ng mga kordero o ng mga kambing na lalake. 12
Nang kayo'y magsidating na pakita sa harap ko, sinong
humingi nito sa inyong kamay, upang inyong yapakan ang
aking mga looban? 13 Huwag na kayong magdala ng mga
walang kabuluhang alay; kamangyan ay karumaldumal sa
akin; ang bagong buwan, at ang sabbath, ang tawag ng
mga kapulungan, hindi ako makapagtitiis ng kasamaan at ng
takdang pulong. 14 Ipinagdaramdam ng aking puso ang
inyong mga bagong buwan at ang inyong mga takdang
kapistahan: mga kabagabagan sa akin; ako'y pata ng
pagdadala ng mga yaon. 15 At pagka inyong iginagawad
ang inyong mga kamay, aking ikukubli ang aking mga mata
sa inyo: oo, pagka kayo'y nagsisidalangin ng marami, hindi
ko kayo didinggin: ang inyong mga kamay ay puno ng dugo.
16 Mangaghugas kayo, mangaglinis kayo; alisin ninyo ang
kasamaan ng inyong mga gawa sa harap ng aking mga
mata; mangaglikat kayo ng paggawa ng kasamaan: 17
Mangatuto kayong magsigawa ng mabuti; inyong hanapin
ang kahatulan, inyong saklolohan ang napipighati, inyong
hatulan ang ulila, ipagsanggalang ninyo ang babaing bao.
18 Magsiparito kayo ngayon, at tayo'y magkatuwiranan,
sabi ng Panginoon: bagaman ang inyong mga kasalanan
ay maging tila mapula, ay magiging mapuputi na parang
niebe; bagaman maging mapulang gaya ng matingkad na
pula, ay magiging parang balahibo ng bagong paligong
tupa, 19 Kung kayo'y magkusa at mangagmasunurin, kayo'y
magsisikain ng buti ng lupain: 20 Nguni't kung kayo'y
magsitanggi at manganghimagsik, kayo'y lilipulin ng tabak:
sapagka't sinalita ng bibig ng Panginoon. 21 Ano't ang
tapat na bayan ay naging tila patutot! noong una siya'y
puspos ng kahatulan! katuwiran ay tumatahan sa kaniya,
nguni't ngayo'y mga mamamatay tao. 22 Ang iyong pilak
ay naging dumi, ang iyong alak ay nahaluan ng tubig.
23 Ang iyong mga pangulo ay mapanghimagsik, at mga
kasama ng mga tulisan; bawa't isa'y umiibig ng mga suhol, at
naghahangad ng mga kabayaran: hindi nila hinahatulan ang
ulila, o pinararating man sa kanila ang usap ng babaing bao.
24 Kaya't sabi ng Panginoon, ng Panginoon ng mga hukbo,
ng Makapangyarihan ng Israel, Ah kukuhang sulit ako sa
aking mga kaalit, at manghihiganti ako sa aking mga kaaway.
25 At aking ibabalik ang aking kamay sa iyo, at aking lilinising
lubos ang naging dumi mo, at aalisin ko ang iyong lahat na
tingga: 26 At aking papananauliin ang iyong mga hukom
na gaya ng una, at ang iyong mga kasangguni na gaya
ng pasimula: pagkatapos ay tatawagin ka, Ang bayan ng
katuwiran, ang tapat na bayan. 27 Ang Sion ay tutubusin ng
kahatulan, at ng katuwiran ang kaniyang mga nahikayat. 28
Nguni't ang pagkalipol ng mga mananalangsang at ng mga
makasalanan ay magkakapisan, at silang nagtatakuwil sa
Panginoon ay mangalilipol. 29 Sapagka't kanilang ikahihiya
ang mga encina na inyong ninasa, at kayo'y mangalilito dahil
sa mga halamanan na inyong pinili. 30 Sapagka't kayo'y
magiging parang encina na ang dahon ay nalalanta, at
parang halamanan na walang tubig. 31 At ang malakas ay
magiging parang taling estopa, at ang kaniyang gawa ay
parang alipato; at kapuwa sila magliliyab, at walang papatay
sa apoy.

2 Ang salita na naalaman ni Isaias na anak ni Amoz tungkol
sa Juda at Jerusalem. 2 At mangyayari sa mga huling
araw, na ang bundok ng bahay ng Panginoon ay matatatag
sa taluktok ng mga bundok, at magiging mataas sa mga
burol; at lahat ng bansa ay magsisiparoon doon. 3 At

maraming bayan ay magsisiyaon at mangagsasabi, Halina
kayo, at tayo'y magsiahon sa bundok ng Panginoon, sa
bahay ng Dios ni Jacob; at tuturuan niya tayo ng kaniyang
mga daan, at tayo'y magsisilakad sa kaniyang mga landas:
sapagka't mula sa Sion ay lalabas ang kautusan, at ang
salita ng Panginoon ay mula sa Jerusalem. **4** At siya'y
hahatol sa gitna ng mga bansa, at sasaway sa maraming
tao: at kanilang pupukpukin ang kanilang mga tabak upang
maging mga sudsod, at ang kanilang mga sibat ay maging
mga karit: ang bansa ay hindi magtataas ng tabak laban sa
bansa, o mangagaaral pa man sila ng pakikipagdigma. **5** Oh
sangbahayan ni Jacob, halikayo, at tayo'y magsilakad sa
liwanag ng Panginoon. **6** Sapagka't iyong binayaan ang iyong
bayan na sangbahayan ni Jacob, sapagka't sila'y puspos ng
mga kaugaliang mula sa silanganan, at mga enkantador
gaya ng mga Filisteo, at sila'y nangakikipagkamay sa mga
anak ng mga taga ibang lupa. **7** Ang kanilang lupain naman
ay puno ng pilak at ginto, ni walang wakas ang kanilang
mga kayamanan; ang kanila namang lupain ay puno ng mga
kabayo, ni walang katapusang bilang ang kanilang mga karo.
**8** Ang kanila namang lupain ay puno ng mga diosdiosan;
kanilang sinasamba ang gawa ng kanilang sariling mga
kamay, na ginawa ng kanilang sariling mga daliri. **9** At
ang taong hamak ay yumuyuko, at ang mataas na tao ay
nabababa: kaya't huwag mong patawarin sila. **10** Pumasok ka
sa malaking bato, at magkubli ka sa alabok, sa kakilabutan
sa Panginoon, at sa kaluwalhatian ng kaniyang kamahalan.
**11** Ang mga tinging mapagmataas ng tao ay mabababa, at
ang mga pagmamataas ng mga tao ay mahuhutok, at ang
Panginoon magisa ay mabubunyi sa kaarawang yaon. **12**
Sapagka't magkakaroon ng isang kaarawan ang Panginoon
ng mga hukbo sa lahat na palalo at mapagmataas, at sa
lahat na nagmamataas; at yao'y mabababa: **13** At sa lahat
ng cedro ng Libano, na matayog at mataas, at sa lahat ng
encina ng Basan; **14** At sa lahat ng matataas na bundok, at
sa lahat ng mga burol na nangataas; **15** At sa bawa't matayog
na moog, at sa bawa't kutang nababakod: **16** At sa lahat ng
mga sasakyang dagat ng Tarsis, at sa lahat ng maligayang
bagay. **17** At ang kahambugan ng tao ay huhutukin, at
ang mga pagmamataas ng mga tao ay mabababa: at ang
Panginoon magisa ay mabubunyi sa kaarawang yaon. **18** At
ang mga diosdiosan ay mapapawing lubos. **19** At ang mga
tao ay magsisipasok sa mga yungib ng malalaking bato,
at sa mga puwang ng lupa, sa harap ng kakilabutan sa
Panginoon, at sa kaluwalhatian ng kaniyang kamahalan,
pagka siya'y bumangon upang yaniging may kapangyarihan
ang lupa. **20** Sa kaarawang yaon ay ihahagis ng mga tao
ang kanilang mga diosdiosang pilak, at ang kanilang mga
diosdiosang ginto, na kanilang ginawa upang sambahin, sa
yungib ng mga bilig at ng mga paniki; **21** Upang pumasok
sa mga puwang ng malalaking bato, at sa mga bitak ng
mga malaking bato, sa harap ng kakilabutan sa Panginoon,
at sa kaluwalhatian ng kaniyang kamahalan, pagka siya'y
bumangon upang yaniging may kapangyarihan ang lupa. **22**
Layuan ninyo ang tao, na ang hinga ay nasa kaniyang mga
butas ng ilong: sapagka't sa ano pahahalagahan siya?

**3** Sapagka't, narito, ang Panginoon, ang Panginoon ng
mga hukbo, ay nagaalis sa Jerusalem at sa Juda ng
alalay at tungkod, ng buong alalay na tinapay at ng buong
alalay na tubig; **2** Ng makapangyarihang lalake, at ng
lalaking mangdidigma; ng hukom, at ng propeta, at ng
manghuhula, at ng matanda; **3** Ng kapitan ng lilimang puin,
at ng marangal na tao, at ng tagapayo, at ng bihasang
manggagawa, at ng matalinong mangeenkanto. **4** At mga
bata ang ilalagay kong maging kanilang mga pangulo, at
mga sanggol ang magpupuno sa kanila. **5** At ang bayan ay
mapipighati, bawa't isa'y ng iba, at bawa't isa'y ng kaniyang
kapuwa: ang bata ay magpapalalo laban sa matanda at
ang hamak laban sa marangal. **6** Pagka ang lalake ay
hahawak sa kaniyang kapatid sa bahay ng kaniyang ama,
na magsasabi: Ikaw ay may damit, ikaw ay maging aming
pinuno, at ang pagkabagsak ito ay mapasa ilalim ng iyong
kamay: **7** Sa araw na yaon ay manglalakas siya ng kaniyang
tinig, na magsasabi, Hindi ako magiging tagapagpagaling;
sapagka't sa aking bahay ay wala kahit tinapay o damit man;
huwag ninyo akong gawing pinuno ng bayan. **8** Sapagka't
ang Jerusalem ay giba, at ang Juda ay bagsak: sapagka't
ang kanilang dila at ang kanilang mga gawa ay laban
sa Panginoon, upang mungkahiin ang mga mata niyang
maluwalhati. **9** Ang kanilang pagtatangi ng mga tao ay
sumasaksi laban sa kanila; at kanilang ipinahahayag ang
kanilang mga kasalanan na gaya ng Sodoma, hindi nila
ikinukubli. Sa aba ng kanilang kaluluwa! sapagka't sila'y
nagsiganti ng kasamaan sa kanilang sarili. **10** Sabihin ninyo
sa matuwid, na ikabubuti niya: sapagka't sila'y magsisikain
ng bunga ng kanilang mga gawa. **11** Sa aba ng masama!
ikasasama niya: sapagka't ang kagantihan sa kaniyang
mga kamay ay mabibigay sa kaniya. **12** Tungkol sa aking
bayan, mga bata ang mga mamimighati sa kanila, at mga
babae ang mangagpupuno sa kanila. Oh bayan ko, silang
nagsisipatnubay sa iyo, mangagliligaw sa iyo, at sisira
ng daan ng iyong mga landas. **13** Ang Panginoon ay
tumayo upang magsanggalang, at tumayo upang humatol
sa mga bayan. **14** Ang Panginoon ay hahatol sa mga
matanda ng kaniyang bayan, at sa mga pangulo niyaon;
Kayo ang nagkainan sa ubasan: ang samsam sa dukha
ay nasa inyong mga bahay; **15** Anong ibig ninyong sabihin
na inyong dinidikdik ang aking bayan, at inyong ginigiling

ang mukha ng dukha? sabi ng Panginoon, ng Panginoon
ng mga hukbo. **16** Bukod dito'y sinabi ng Panginoon,
Sapagka't ang mga anak na babae ng Sion ay mga
mapagmataas, at nagsisilakad na mga may kapalaluan at
mga matang nakairap, na nagsisilakad at nagsisikendeng
habang nagsisiyaon, at nagpapakalatis ng kanilang mga paa:
**17** Kaya't papaglalangibin ng Panginoon ang bao ng ulo ng
mga anak na babae ng Sion, at huhubdan ng Panginoon ang
kanilang mga lihim na bahagi. **18** Sa araw na yaon ay aalisin
ng Panginoon ang kagayakan ng kanilang mga hiyas ng paa,
at ang mga hiyas ng ulo, at ang mga pahiyas na may anyong
kalahating buwan; **19** Ang mga hikaw, at ang mga pulsera,
at ang mga lambong na pangmukha; **20** Ang mga laso ng
buhok, at ang mga kuwintas sa bukong-bukong, at ang mga
pamigkis, at ang mga sisidlan ng pabango, at ang mga
amuleto; **21** Ang mga singsing, at ang mga hiyas na pang-
ilong; **22** Ang mga damit na pamista, at ang mga balabal, at
ang mga panleeg, at ang mga supot; **23** Ang mga maliit na
salamin, at ang mainam na kayong lino, at ang mga turbante,
at ang mga lambong. **24** At mangyayari na sa halip na mga
mainam na especia ay kabulukan; at sa halip na pamigkis
ay panali; at sa halip na buhok na ayos ay kakalbuhan; at
sa halip na pamigkis na mainam ay pamigkis na kayong
magaspang; hero sa halip ng kagandahan. **25** Ang iyong
mga lalake ay mangabubuwal sa pamamagitan ng tabak, at
ang iyong mga makapangyarihan ay sa pakikipagdigma.
**26** At ang kaniyang mga pintuang-bayan ay tataghoy at
magsisitangis; at siya'y magiging giba at guho sa lupa.

**4** At pitong babae ay magsisihawak sa isang lalake sa
araw na yaon, na mangagsasabi, Kami ay magsisikain ng
aming sariling tinapay, at mangagsusuot ng aming sariling
kasuutan: tawagin lamang kami sa iyong pangalan; alisin
mo ang aming kadustaan. **2** Sa araw na yaon ay magiging
maganda at maluwalhati ang sanga ng Panginoon, at
ang bunga ng lupain ay magiging magaling at mainam sa
kanilang mga taga Israel na nangakatanan. **3** At mangyayari,
na siyang naiwan sa Sion, at siyang nalabi sa Jerusalem,
tatawaging banal, sa makatuwid baga'y bawa't nasusulat
sa mga nabubuhay sa Jerusalem: **4** Pagka huhugasan ng
Panginoon ang karumhan ng mga anak na babae ng Sion,
at lilinisin ang dugo ng Jerusalem sa gitna ng bayan sa
pamamagitan ng bisa ng kahatulan, at sa pamamagitan
ng bisa ng pagniningas. **5** At ang Panginoon ay lilikha sa
itaas ng buong tahanan ng bundok ng Sion, at sa itaas ng
kaniyang mga kapulungan ng isang ulap at usok sa araw, at
ng liwanag ng nagniningas na apoy sa gabi: sapagka't sa
itaas ng lahat ng kaluwalhatian ay magkakaroon ng isang
kubong na kayo. **6** At magkakaroon ng kanlungan upang
maging lilim sa kaarawan laban sa init, at upang maging
kanlungan at kublihan sa bagyo at sa ulan.

**5** Paawitin ninyo ako sa aking pinakamamahal, ng awit
ng aking minamahal tungkol sa kaniyang ubasan. Ang
aking pinakamamahal ay may ubasan sa isang mainam na
burol: **2** At kaniyang binangbangan ang palibot at inalis ang
mga bato, at tinamnan ng piling puno ng ubas, at nagtayo
ng isang moog sa gitna niyaon, at tinabasan din naman ng
isang pisaan ng ubas: at kaniyang hinintay na magbunga
ng ubas, at nagbunga ng ubas gubat. **3** At ngayon, Oh
mga nananahan sa Jerusalem at mga tao sa Juda, hatulan
ninyo, isinasamo ko sa inyo, ako at ang aking ubasan.
**4** Ano pa ang magagawa ko sa aking ubasan na hindi
ko nagawa? ano't nang aking hinihintay na magbubunga
ng mga ubas, nagbunga ng ubas gubat? **5** At ngayo'y
aking sasaysayin sa inyo ang gagawin ko sa aking ubasan:
aking aalisin ang bakod na siit niyaon, at sasalantain;
aking ibabagsak ang bakod niyaon at mayayapakan: **6**
At aking pababayaang sira; hindi kakapunin o bubukirin
man; kundi magsisitubo ay mga dawag at mga tinik: akin
ding iuutos sa mga alapaap, na huwag nilang ulanan. **7**
Sapagka't ang ubasan ng Panginoon ng mga hukbo ay
ang sangbahayan ng Israel, at ang mga tao sa Juda ay
ang kaniyang maligayang pananim: at siya'y naghihintay ng
kahatulan, nguni't narito, kapighatian; ng katuwiran, nguni't
narito, daing. **8** Sa aba nila, na nangaguugpong ng bahay
sa bahay, na nangaglalagay ng bukid sa bukid hanggang
sa mawalan ng pagitan, at kayo'y magsisitahang magisa
sa gitna ng lupain! **9** Sa aking mga pakinig ay sinasabi
ng Panginoon ng mga hukbo, Sa katotohana'y maraming
bahay ang magigiba, malalaki at magaganda, na walang
mananahan. **10** Sapagka't sangpung acre ng ubasan ay
mangagbubunga ng isang bath, at isang homer na binhi ay
magbubunga ng isang epa. **11** Sa aba nila na nagsisibangong
maaga sa umaga, upang sila'y makasunod sa nakalalasing
na inumin; na nagtatagal hanggang sa kalaliman ng gabi,
hanggang sa magalab ang alak sa kanila! **12** At ang alpa
at ang viola, ang pandareta at ang plauta, at ang alak,
ay nangasa kanilang mga kapistahan: nguni't hindi nila
pinakundanganan ang gawa ng Panginoon, o ginunita man
nila ang gawa ng kaniyang mga kamay. **13** Kaya't ang aking
bayan ay nasok sa pagkabihag, sa kasalatan sa kaalaman:
at ang kanilang mararangal na tao ay nangagugutom, at ang
kanilang karamihan ay nangahahandusay sa uhaw. **14** Kaya't
pinalaki ng Sheol ang kaniyang nasa, at ibinuka ang kaniyang
bibig ng walang sukat: at ang kanilang kaluwalhatian, at
ang kanilang karamihan, at ang kanilang kahambugan,
at ang nagagalak sa gitna nila ay bumaba roon. **(Sheol
h7585)** **15** At ang taong hamak ay pinayuyukod, at ang

makapangyarihang tao ay pinapagpapakumbaba, at ang mga
mata ng nagmamataas ay pinapagpapakumbaba: 16 Nguni't
ang Panginoon ng mga hukbo ay nabunyi sa kahatulan,
at ang Dios na Banal ay inaring banal sa katuwiran. 17
Kung magkagayo'y sasabsab ang mga kordero na gaya sa
kanilang sabsaban, at ang mga sirang dako ng matataba
ay kakanin ng mga palaboy. 18 Sa aba nila na nagsisihila
ng kasamaan sa pamamagitan ng mga panali ng walang
kabuluhan, at ng kasalanan na tila panali ng kariton: 19 Na
nagsasabi, Magmaliksi siya, madaliin niya ang kaniyang
gawa upang aming makita: at lumapit at dumating nawa
ang payo ng Banal ng Israel upang aming maalaman! 20
Sa aba nila na nagsisitawag ng mabuti ay masama, at ng
masama ay mabuti; na inaaring dilim ang liwanag, at liwanag
ang dilim; na inaaring mapait ang matamis, at matamis ang
mapait! 21 Sa aba nila na pantas sa kanilang sariling mga
mata, at mabait sa kanilang sariling paningin! 22 Sa aba
nila na malakas uminom ng alak, at mga taong malakas
sa paghahalo ng matapang na inumin: 23 Na nagsisiaring
ganap sa masama dahil sa suhol, at inaalis ang katuwiran
sa matuwid! 24 Kaya't kung paanong ang liyab ng apoy ay
pumupugnaw ng pinagputulan ng trigo, at kung paanong ang
tuyong damo ay nasusupok sa alab, gayon magiging gaya
ng kabulukan ang kanilang ugat, at ang kanilang bulaklak ay
iilanglang na gaya ng alabok: sapagka't kanilang itinakuwil
ang kautusan ng Panginoon ng mga hukbo, at hinamak ang
salita ng Banal ng Israel. 25 Kaya't nagalab ang galit ng
Panginoon laban sa kaniyang bayan, at iniunat niya ang
kaniyang kamay laban sa kanila, at sinaktan sila, at ang
mga burol ay nanginig, at ang kanilang mga bangkay ay
naging dumi sa gitna ng mga lansangan. Sa lahat ng ito ay
hindi napawi ang kaniyang galit, kundi laging nakaunat ang
kaniyang kamay. 26 At siya'y magtataas ng watawat sa mga
bansa mula sa malayo, at susutsutan sila mula sa wakas ng
lupa: at, narito, sila'y darating na lubhang nagmamadali: 27
Walang mapapagod o matitisod man sa kanila; walang iidlip
o matutulog man; ni hindi man kakalagin ang pamigkis ng
kanilang mga balakang, o mapapatid man ang mga panali
ng kanilang mga panyapak: 28 Na ang kanilang mga pana
ay hasa, at lahat nilang busog ay nangakaakma; ang mga
kuko ng kanilang mga kabayo ay maibibilang na parang
pingkiang bato, at ang kanilang mga gulong ay parang
ipoipo: 29 Ang kanilang angal ay magiging gaya ng sa leon,
sila'y magsisiangal na gaya ng mga batang leon: oo, sila'y
magsisiangal, at magsisipangal ng huli, at tatangayin, at
walang magliligtas. 30 At ang mga yao'y magsisiangal laban
sa kanila sa araw na yaon na gaya ng hugong ng dagat: at
kung tingnan ang lupain, narito, kadiliman at kahirapan, at
ang liwanag ay magdidilim sa mga ulap niyaon.

6 Noong taong mamatay ang haring Uzzias ay nakita ko
ang Panginoon na nakaupo sa isang luklukan, matayog
at mataas; at pinuno ang templo ng kaniyang kaluwalhatian.
2 Sa itaas niya ay nangakatayo ang mga serapin: bawa't
isa'y may anim na pakpak: na may dalawa na nagsisitakip
ng kaniyang mukha, at may dalawa na nagsisitakip ng
kaniyang mga paa, at may dalawa na naglilipad sa kaniya.
3 At nagsisigawang isa't isa, at nagsasabi, Banal, banal,
banal ang Panginoon ng mga hukbo: ang buong lupa ay
napuno ng kaniyang kaluwalhatian. 4 At ang mga patibayan
ng mga pintuan ay nakilos sa tinig ng sumisigaw, at ang
bahay ay napuno ng usok. 5 Nang magkagayo'y sinabi ko,
Sa aba ko! sapagka't ako'y napahamak; sapagka't ako'y
lalaking may maruming mga labi, at ako'y tumatahan sa
gitna ng bayan na may maruming mga labi: sapagka't nakita
ng aking mga mata ang Hari, ang Panginoon ng mga hukbo.
6 Nang magkagayo'y nilipad ako ng isa sa mga serapin, na
may baga sa kaniyang kamay, na kaniyang kinuha ng mga
pangipit mula sa dambana: 7 At hinipo niya niyaon ang aking
bibig, at nagsabi, Narito, hinipo nito ang iyong mga labi; at
ang iyong kasamaan ay naalis, at ang iyong kasalanan ay
naalis. 8 At narinig ko ang tinig ng Panginoon, na nagsasabi,
Sinong susuguin ko, at sinong yayaon sa ganang amin?
Nang magkagayo'y sinabi ko: Narito ako; suguin mo ako. 9
At sinabi niya, Ikaw ay yumaon, at saysayin mo sa bayang
ito, inyong naririnig nga, nguni't hindi ninyo nauunawa;
at nakikita nga ninyo, nguni't hindi ninyo namamalas. 10
Patabain mo ang puso ng bayang ito, at iyong pabigatin
ang kanilang mga pakinig, at iyong ipikit ang kanilang mga
mata; baka sila'y mangakakita ng kanilang mga mata; at
mangakarinig ng kanilang mga pakinig, at mangakaunawa ng
kanilang puso, at mangagbalik loob, at magsigaling. 11 Nang
magkagayo'y sinabi ko, Panginoon, hanggang kailan? At
siya'y sumagot, Hanggang sa ang mga bayan ay mangagiba
na walang tumahan, at ang mga bahay ay mangawalan ng
tao, at ang lupain ay maging lubos na giba, 12 At ilayo ng
Panginoon ang mga tao, at ang mga nilimot na dako ay
magsidami sa gitna ng lupain. 13 At kung magkaroon ng
ikasangpung bahagi roon, mapupugnaw uli: gaya ng isang
roble, at gaya ng isang encina, na ang puno ay naiiwan,
pagka pinuputol; gayon ang banal na lahi ay siyang puno
niyaon.

7 At nangyari, nang mga kaarawan ni Achaz na anak ni
Jotham, anak ni Uzzias, na hari sa Juda, na si Rezin na
hari sa Siria, at si Peca na anak ni Remalias, hari sa Israel,
ay nagsiahon sa Jerusalem upang makipagdigma laban
doon; nguni't hindi nanganaig laban doon. 2 At nasaysay sa
sangbahayan ni David, na sinasabi, Ang Siria ay nalakip sa
Ephraim. At ang puso niya'y nakilos, at ang puso ng kaniyang

bayan na gaya ng mga punong kahoy sa gubat na kinilos
ng hangin. 3 Nang magkagayo'y sinabi ng Panginoon kay
Isaias, Lumabas ka na iyong salubungin si Achaz, ikaw, at si
Sear-jasub na iyong anak, sa dulo ng padaluyan ng tipunan
ng tubig sa itaas, sa lansangan ng parang ng nagpapaputi
ng kayo; 4 At sabihin mo sa kaniya, Ikaw ay magingat, at
tumahimik ka; huwag kang matakot, o manglupaypay man
ang iyong puso ng dahil sa dalawang buntot na apoy na ito
na umuusok, ng dahil sa mabangis na galit ng Rezin at Siria,
at ng anak ni Remalias. 5 Dahil sa ang Siria ay pumayo
ng masama laban sa iyo, ang Ephraim din naman, at ang
anak ni Remalias, na nagsasabi, 6 Magsiahon tayo laban sa
Juda, at ating bagabagin, at ating papasukin sila, at tayo'y
maglagay ng hari sa gitna niyaon, sa makatuwid baga'y ang
anak ni Tabeel: 7 Ganito ang sabi ng Panginoong Dios,
Hindi matatayo o mangyayari man. 8 Sapagka't ang pangulo
ng Siria ay ang Damasco, at ang pangulo ng Damasco
ay ang Rezin: at sa loob ng anim na pu't limang taon ay
magkakawatakwatak ang Ephraim, upang huwag maging
bayan: 9 At ang pangulo ng Ephraim ay ang Samaria, at ang
pangulo ng Samaria ay ang anak ni Remalias. Kung kayo'y
hindi maniniwala, tunay na hindi kayo mangatatatag. 10 At
ang Panginoon ay nagsalita uli kay Achaz, na nagsasabi, 11
Humingi ka sa ganang iyo ng tanda na mula sa Panginoon
mong Dios; humingi ka maging sa kalaliman, o sa kaitaasan
sa itaas. **(Sheol h7585)** 12 Nguni't sinabi ni Achaz, Hindi ako
hihingi, ni tutuksuhin ko man ang Panginoon. 13 At kaniyang
sinabi, Dinggin ninyo ngayon, Oh sangbahayan ni David;
maliit na bagay ba sa inyo ang mamagod sa mga tao
na inyong papagurin rin ang aking Dios? 14 Kaya't ang
Panginoon nga ay magbibigay sa inyo ng tanda; narito,
isang dalaga ay maglilihi, at manganganak ng isang lalake,
at tatawagin ang kaniyang pangalan na Emmanuel. 15
Siya'y kakain ng mantekilla at pulot, pagka siya'y natutong
tumanggi sa kasamaan, at pumili ng mabuti. 16 Sapagka't
bago maalaman ng bata na tumanggi sa kasamaan, at pumili
ng mabuti, pababayaan ang lupain ng dalawang haring iyong
kinayayamutan. 17 Ang Panginoon ay magpapasapit sa iyo,
at sa iyong bayan, at sa sangbahayan ng iyong magulang
ng mga araw na hindi nangyari mula ng araw na humiwalay
ang Ephraim sa Juda; sa makatuwid baga'y ang hari sa
Asiria. 18 At mangyayari sa araw na yaon, na susutsutan
ng Panginoon ang langaw na nasa kahulihulihang bahagi
ng mga ilog ng Egipto, at ang pukyutan na nasa lupain
ng Asiria. 19 At sila'y magsisidating, at silang lahat ay
mangagpapahinga sa mga gibang libis, at sa mga bitak ng
malalaking bato, at sa lahat ng mga tinikan, at sa lahat ng
mga sukal. 20 Sa araw na yaon ay aahitin ng Panginoon ang
ulo at ang balahibo ng mga paa, ng pangahit na inupahan,
ang nangasa bahagi ng dako roon ng Ilog, ang hari sa Asiria:
at aalisin din ang balbas. 21 At mangyayari sa araw na
yaon, na ang isang tao ay magaalaga ng guyang baka, at ng
dalawang tupa; 22 At mangyayari, na dahil sa kasaganaan
ng gatas na kanilang ibibigay ay kakain siya ng mantekilla:
sapagka't ang bawa't isa na naiwan sa gitna ng lupain ay
kakain ng mantekilla at pulot. 23 At mangyayari sa araw na
yaon, na ang bawa't dakong kinaroroonan ng libong puno
ng ubas na nagkakahalaga ng isang libong siklong pilak,
ay magiging dawagan at tinikan. 24 Paroroon ang isa na
may mga pana at may busog; sapagka't ang buong lupain
ay magiging mga dawag at mga tinikan. 25 At ang lahat
ng burol na hinukay ng azarol, hindi mo paroroonan dahil
sa takot sa mga dawag at sa mga tinikan; kundi magiging
pagalaan sa mga baka, at yurakan ng mga tupa.

**8** At sinabi ng Panginoon sa akin, Kumuha ka ng malapad
na tabla, at sulatan mo ng panulat ng tao, Kay Maher-
salalhash-baz; 2 At magdadala ako ng mga tapat na
saksi upang mangagpaalaala, si Urias na saserdote, at si
Zacarias na anak ni Jeberechias. 3 At ako'y naparoon sa
propetisa; at siya'y naglihi, at nanganak ng isang lalake.
Nang magkagayo'y sinabi ng Panginoon sa akin, Tawagin
mo ang kaniyang pangalan na Maher-salalhash-baz. 4
Sapagka't bago ang anak ay matutong dumaing ng, Ama ko,
at: Ina ko, ang mga kayamanan ng Damasco at ang samsam
sa Samaria ay dadalahin sa harap ng hari ng Asiria. 5 At
nagsalita pa ang Panginoon uli sa akin, na nagsasabi, 6
Yamang tinanggihan ng bayang ito ang tubig ng Siloe na
nagsisiagos na marahan, at siya'y nagagalak kay Rezin at
sa anak ni Remalias; 7 Ngayon nga, narito, iniaahon ng
Panginoon sa kanila ang tubig ng Ilog, malakas at marami,
sa makatuwid baga'y ang hari sa Asiria at ang buo niyang
kaluwalhatian: at siya'y aahon sa lahat niyang bangbang,
at aapaw sa buo niyang baybayin: 8 At magpapatuloy sa
dako ng loob ng Juda; aapaw at lalampas; aabot hanggang
sa leeg; at ang laganap ng kaniyang mga pakpak ay
siyang magpupuno ng kaluwangan ng iyong lupain, Oh
Emmanuel. 9 Kayo'y magsamasama, Oh mga bayan,
at kayo'y mangagkakawatakwatak; at kayo'y mangakinig,
kayong lahat na taga malayong lupain: mangagbigkis kayo,
at kayo'y mangagkakawatakwatak; kayo'y mangagbigkis,
at kayo'y mangagkakawatakwatak. 10 Mangagsanggunian
kayo, at yao'y mauuwi sa wala; mangagsalita kayo ng salita
at hindi matatayo: sapagka't ang Dios ay sumasaamin. 11
Sapagka't ang Panginoon ay nagsalitang ganito sa akin na
may malakas na kamay, at tinuruan ako na huwag lumakad
ng lakad ng bayang ito, na sinasabi, 12 Huwag ninyong
sabihin, Pagbabanta; tungkol sa lahat na sasabihin ng
bayang ito, Pagbabanta, o huwag mang mangatakot kayo ng

kanilang takot, o mangilabot man doon. 13 Ang Panginoon
ng mga hukbo, siya ang inyong aariing banal; at sumakaniya
ang inyong takot, at sumakaniya ang inyong pangingilabot.
14 At siya'y magiging pinakasantuario; nguni't pinakabatong
katitisuran at pinaka malaking batong pangbuwal sa dalawang
sangbahayan ng Israel, na pinakabitag at pinakasilo sa mga
nananahan sa Jerusalem. 15 At marami ang mangatitisod
doon, at mangabubuwal, at mangababalian, at mangasisilo,
at mangahuhuli. 16 Talian mo ang patotoo, tatakan mo
ang kautusan sa gitna ng aking mga alagad. 17 At aking
hihintayin ang Panginoon na nagkukubli ng kaniyang mukha
sa sangbahayan ni Jacob, at aking hahanapin siya. 18 Narito,
ako at ang mga anak na ibinigay ng Panginoon sa akin
ay mga pinakatanda at pinaka kababalaghan sa Israel na
mula sa Panginoon ng mga hukbo, na tumatahan sa bundok
ng Sion. 19 At pagka kanilang sasabihin sa inyo, Hanapin
ninyo silang nakikipagsanggunian sa masamang espiritu at
mga manghuhula, na nagsisihuni at nagsisibulong; hindi ba
marapat na sanggunian ng bayan ang kanilang Dios? dahil
baga sa mga buhay ay sasangguni sila sa mga patay? 20 Sa
kautusan at sa patotoo! kung hindi sila magsalita ng ayon sa
salitang ito, tunay na walang umaga sa kanila. 21 At sila'y
magsisidaan doon, na nahihirapan at gutom: at mangyayari,
na pagka sila'y mangagugutom, sila'y mangagagalit, at
magsisisumpa alangalang sa kanilang hari at sa kanilang
Dios, at ititingala nila ang kanilang mga mukha: 22 At sila'y
titingin sa lupa, at, narito, kahirapan at kadiliman, ulap ng
kahapisan, at sa salimuot na kadiliman ay itataboy sila.

**9** Gayon man ay hindi magkakaroon ng paguulap sa kaniya
na nasa kahapisan. Nang unang panahon ay dinala niya
sa pagkawalang kabuluhan ang lupain ng Zabulon at ang
lupain ng Nephtali, nguni't sa huling panahon ay ginawa
niyang maluwalhati, sa daang patungo sa dagat, sa dako
roon ng Jordan, ng Galilea ng mga bansa. 2 Ang bayan na
lumalakad sa kadiliman ay nakakita ng dakilang liwanag:
silang nagsisitahan sa lupain ng lilim ng kamatayan, sa
kanila sumilang ang liwanag. 3 Iyong pinarami ang bansa,
iyong pinalago ang kanilang kagalakan: sila'y nangagagalak
sa harap mo ayon sa kagalakan sa pagaani, gaya ng mga
tao na nangagagalak pagka nangagbabahagi ng samsam. 4
Sapagka't ang pamatok na kaniyang pasan, at ang pingga
sa kaniyang balikat, ang panghampas ng mamimighati sa
kaniya, ay iyong sinira na gaya sa kaarawan ng Madian. 5
Sapagka't ang lahat na sakbat ng nasasakbatang tao sa
kaguluhan, at ang mga kasuutang puno ng dugo ay magiging
para sa pagkasunog, para sa mitsa ng apoy. 6 Sapagka't sa
atin ay ipinanganak ang isang bata, sa atin ay ibinigay ang
isang anak na lalake; at ang pamamahala ay maaatang sa
kaniyang balikat: at ang kaniyang pangalan ay tatawaging
Kamanghamangha, Tagapayo, Makapangyarihang Dios,
Walang hanggang Ama, Pangulo ng Kapayapaan. 7 Ang
paglago ng kaniyang pamamahala at ng kapayapaan ay
hindi magkakaroon ng wakas, sa luklukan ni David, at
sa kaniyang kaharian, upang itatag, at upang alalayan
ng kahatulan at ng katuwiran mula ngayon hanggang sa
magpakailan man. Isasagawa ito ng sikap ng Panginoon
ng mga hukbo. 8 Nagpasabi ang Panginoon sa Jacob, at
naliliwanagan ang Israel, 9 At malalaman ng buong bayan
ng Ephraim, at ng nananahan sa Samaria, na nagsasabi sa
kapalaluan at sa pagmamatigas ng ulo, 10 Ang mga laryo
ay nangahulog, nguni't aming itatayo ng tinabas na bato:
ang mga sikomoro ay nangaputol, nguni't aming papalitan
ng mga cedro. 11 Kaya't itataas ng Panginoon laban sa
kaniya ang mga kaaway ng Rezin, at manghihikayat ng
kaniyang mga kaalit; 12 Ang mga taga Siria sa unahan, at
ang mga Filisteo sa likuran; at kanilang lalamunin ang Israel
ng bukang bibig. Sa lahat na ito ang kaniyang galit ay hindi
napawi, kundi ang kaniyang kamay ay laging nakaunat. 13
Gayon ma'y ang bayan ay hindi nagbalik-loob sa kaniya
na sumakit sa kanila, o hinanap man nila ang Panginoon
ng mga hukbo. 14 Kaya't puputulin ng Panginoon sa Israel
ang ulo't buntot, ang sanga ng palma at ang tambo, sa
isang araw. 15 Ang matanda at ang marangal na tao,
siyang ulo; at ang propeta na nagtuturo ng mga kabulaanan,
siyang buntot. 16 Sapagka't silang nagsisipatnubay ng
bayang ito ay siyang nangagliligaw; at silang pinapatnubayan
ay nangapapahamak. 17 Kaya't ang Panginoon ay hindi
magagalak sa kanilang mga binata, ni mahahabag man sa
kanilang mga ulila at mga babaing bao: sapagka't bawa't
isa ay marumi at manggagawa ng kasamaan, at bawa't
bibig ay nagsasalita ng kamangmangan. Sa lahat na ito ang
galit niya ay hindi napawi, kundi ang kaniyang kamay ay
laging nakaunat. 18 Sapagka't ang kasamaan ay sumusunog
na gaya ng apoy; pumupugnaw ng mga dawag at mga
tinikan: oo, nagaalab na sa siitan sa gubat, at umiilanglang
na paitaas sa mga masinsing ulap na usok. 19 Sa poot ng
Panginoon ng mga hukbo ay nasusunog ang lupain: ang
bayan naman ay gaya ng panggatong sa apoy; walang taong
mahahabag sa kaniyang kapatid. 20 At isa'y susunggab
ng kanang kamay, at magugutom; at kakain ng kaliwa, at
hindi sila mabubusog: sila'y magsisikain bawa't isa ng laman
ng kaniyang sariling bisig: 21 Ang Manases, ay kakanin
ang Ephraim; at ang Ephraim, ay ang Manases: at sila
kapuwa ay magiging laban sa Juda. Sa lahat na ito ang galit
niya ay hindi napawi, kundi ang kaniyang kamay ay laging
nakaunat.

**10** Sa aba nila na nagpapasiya ng mga likong pasiya, at
ng mga manunulat na sumusulat ng mga kasuwailan:

2 Upang iligaw sa kahatulan ang mapagkailangan, at upang
alisin ang katuwiran ng dukha ng aking bayan, upang ang
mga babaing bao ay maging kanilang samsam, at upang
kanilang gawing kanilang huli ang mga ulila! 3 At ano ang
inyong gagawin sa araw ng pagdalaw, at sa kagibaan na
manggagaling sa malayo? sa kanino kayo magsisitakas
upang kayo'y tulungan? at saan ninyo iiwan ang inyong
kaluwalhatian? 4 Sila'y magsisiyukod na gaya ng mga
bilanggo, at mangabubuwal sa bunton ng mga patay. Sa
lahat ng ito ang galit niya ay hindi napawi, kundi ang kaniyang
kamay ay laging nakaunat. 5 Hoy, taga Asiria, na pamalo ng
aking galit, siyang tungkod na kasangkapan ng aking pag-
iinit. 6 Aking susuguin siya laban sa maruming bansa, at
laban sa bayan na aking kinapopootan ay pagbibilinan ko
siya, upang manamsam, at upang manunggab, at yapakan
sila na parang putik ng mga lansangan. 7 Gayon ma'y hindi
niya inaakalang gayon, o iniisip mang gayon ng kaniyang
puso; kundi ang nasa kaniyang puso ay manggiba, at
manglipol ng mga bansa na hindi kakaunti. 8 Sapagka't
kaniyang sinasabi, Hindi baga ang aking mga pangulo
ay hari silang lahat? 9 Hindi baga ang calno ay gaya ng
Carchemis? hindi ba ang Hamath ay gaya ng Arphad? hindi
ba ang Samaria ay gaya ng Damasco? 10 Kung paanong
nakasumpong ang aking kamay ng mga kaharian ng mga
diosdiosan, na ang mga larawan nilang inanyuan ay mga
higit ng dami kay sa Jerusalem at sa Samaria; 11 Hindi
ko baga gagawing gayon sa Jerusalem at sa kaniyang
mga diosdiosan, ang gaya ng ginawa ko sa Samaria at
sa kaniyang mga diosdiosan? 12 Kaya't mangyayari, na
pagka naisagawa ng Panginoon ang buo niyang gawain sa
bundok ng Sion at sa Jerusalem, aking parurusahan ang
kagagawan ng mapagmalaking loob na hari sa Asiria, at ang
kaluwalhatian ng kaniyang mga mapagmataas na tingin. 13
Sapagka't kaniyang sinabi, Aking ginawa ito sa kalakasan
ng aking kamay at sa aking karunungan; sapagka't ako'y
mabait: at aking binago ang mga hangganan ng mga tao,
at ninakaw ko ang kanilang mga kayamanan, at parang
matapang na lalake na ibinaba ko silang nangakaupo sa
mga luklukan: 14 At nasumpungan ng aking kamay na
parang pugad ang mga kayamanan ng mga tao; at ako'y
namulot sa buong lupa na parang namumulot ng mga itlog
na napabayaan: at walang magkilos ng pakpak, o magbuka
ng bibig o sumiyap. 15 Magmamapuri ba ang palakol laban
sa nagpuputol niyaon? Nakapagmamalaki ba ang lagari
laban sa humahawak niyaon? gaya ng kung ang pamalo ay
makapagpapanginig sa kanila na nagtataas niyaon, o gaya
ng kung ang tungkod ay magtataas sa tao na hindi kahoy.
16 Kaya't pangangayayatin ng Panginoon, ng Panginoon
ng mga hukbo, ang kaniyang mga mataba; at sa ilalim ng
kaniyang kaluwalhatian ay magkakaroon ng pagniningas na
gaya ng ningas na apoy. 17 At ang liwanag ng Israel ay
magiging pinakaapoy, at ang kaniyang Banal ay pinakaliyab:
at magniningas at susupukin ang kaniyang mga tinikan at
mga dawag sa isang araw. 18 At kaniyang pupugnawin
ang kaluwalhatian ng kaniyang gubat, at ng kaniyang
pinakikinabangang bukid, ang kaluluwa at gayon din ang
katawan: at magiging gaya ng kung nanglulupaypay ang may
dala ng watawat. 19 At ang nalabi sa mga punong kahoy ng
kaniyang gubat ay mangangaunti, na anopat mabibilang ng
bata. 20 At mangyayari sa araw na yaon, na ang nalabi sa
Israel, at ang nangakatanan sa sangbahayan ni Jacob, hindi
na titiwala pa uli sa kaniya na sumakit sa kanila; kundi titiwala
sa Panginoon, sa Banal ng Israel, sa katotohanan. 21 Isang
nalabi ay manunumbalik, sa makatuwid baga'y ang nalabi sa
Jacob, sa makapangyarihang Dios. 22 Sapagka't bagaman
ang iyong bayang Israel ay magiging parang buhangin sa
dagat, ang isang nalabi lamang sa kanila ang manunumbalik:
ang pagkalipol ay naipasiya, na magtataglay ng katuwiran.
23 Sapagka't ang kagibaan, at ang ipinasiya, gagawin ng
Panginoon, ng Panginoon ng mga hukbo, sa gitna ng buong
lupa. 24 Kaya't ganito ang sabi ng Panginoon, ng Panginoon
ng mga hukbo, Oh bayan kong tumatahan sa Sion, huwag
kang matakot sa taga Asiria: bagaman ikaw ay sinaktan
niya ng pamalo at nagtaas ng kaniyang tungkod laban sa
iyo, ayon sa paraan ng Egipto. 25 Sapagka't sangdali pa,
at ang pagkagalit ay magaganap, at ang aking galit, sa
kanilang ikamamatay. 26 At ibabangon ng Panginoon ng
mga hukbo, ang kasakunaan laban sa kaniya, na gaya ng
pagpatay sa Madian sa bato ng Oreb: at ang kaniyang
panghampas ay malalagay sa dagat, at kaniyang itataas ng
ayon sa paraan ng Egipto. 27 At mangyayari sa araw na
yaon, na ang atang niya ay mahihiwalay sa iyong balikat,
at ang kaniyang ipinasan sa iyong leeg, at ang ipinasan
ay malalagpak dahil sa pinahiran. 28 Siya'y dumating sa
Ajad, siya'y nagdaan sa Migron; sa Michmas inilalapag niya
ang kaniyang mga daladalahan: 29 Sila'y nangagdaraan sa
landas; sila'y nagsituloy na nangagpahinga sa Geba: ang
Rama ay nanginginig; ang Gabaa ni Saul ay tumakas. 30
Humiyaw kang malakas ng iyong tinig, Oh anak na babae
ng Galim! duminig ka, Oh Lais! Oh ikaw na kaawaawang
Anathoth! 31 Madmena ay palaboy; ang mga nananahan sa
Gebim ay nagtitipon upang magsitakas. 32 Sa araw ding
ito ay titigil siya sa Nob: kaniyang iniuunat ang kaniyang
kamay sa bundok ng anak na babae ng Sion, na burol ng
Jerusalem. 33 Narito, puputulin ng Panginoon, ng Panginoon
ng mga hukbo, na kakilakilabot ang mga sanga: at ang
mga mataas sa anyo ay ibubuwal, at ang mapagmataas ay
ibababa. 34 At kaniyang puputulin ang mga siitan ng gubat

sa pamamagitan ng bakal, at ang Libano ay mawawasak sa
pamamagitan ng isang makapangyarihan.

**11** At may lalabas na usbong sa puno ni Isai, at isang
sanga mula sa kaniyang mga ugat ay magbubunga:
**2** At ang Espiritu ng Panginoon ay sasa kaniya, ang diwa
ng karunungan at ng kaunawaan, ang diwa ng payo at ng
katibayan, ang diwa ng kaalaman at ng takot sa Panginoon;
**3** At ang kaniyang kaluguran ay magiging sa pagkatakot sa
Panginoon: at hindi siya hahatol ng ayon sa paningin ng
kaniyang mga mata, ni sasaway man ng ayon sa pakinig ng
kaniyang mga tainga: **4** Kundi hahatol siya ng katuwiran
sa dukha, at sasaway na may karampatan dahil sa mga
maamo sa lupa: at sasaktan niya ang lupa ng pamalo ng
kaniyang bibig, at ng hinga ng kaniyang mga labi ay kaniyang
papatayin ang masama. **5** At katuwiran ang magiging
bigkis ng kaniyang baywang, at pagtatapat ang pamigkis
ng kaniyang mga balakang. **6** At ang lobo ay tatahang
kasama ng kordero, at ang leopardo ay mahihigang kasiping
ng batang kambing; at ang guya, at ang batang leon, at
ang patabain na magkakasama; at papatnubayan sila ng
munting bata. **7** At ang baka at ang oso ay manginginain;
ang kanilang mga anak ay mahihigang magkakasiping:
at ang leon ay kakain ng dayami na gaya ng baka. **8** At
ang batang pasusuhin ay maglalaro sa lungga ng ahas,
at isusuot ng batang kahihiwalay sa suso ang kaniyang
kamay sa lungga ng ulupong. **9** Hindi sila magsisipanakit
o magsisipanira man sa aking buong banal na bundok:
sapagka't ang lupa ay mapupuno ng kaalaman ng Panginoon,
gaya ng tubig na tumatakip sa dagat. **10** At mangyayari,
sa araw na yaon na ang angkan ni Isai, na tumatayong
pinakawatawat ng mga bayan, hahanapin ng mga bansa; at
ang kaniyang pahingahang dako ay magiging maluwalhati.
**11** At mangyayari, sa araw na yaon, na ilalapag ng Panginoon
uli ang kaniyang kamay na ikalawa upang mabawi ang
nalabi sa kaniyang bayan na malalabi, mula sa Asiria, at
mula sa Egipto, at mula sa Patros, at mula sa Cus, at mula
sa Elam, at mula sa Sinar, at mula sa Amath, at mula sa mga
pulo ng dagat. **12** At siya'y maglalagay ng pinakawatawat sa
mga bansa, at titipunin niya ang mga tapon ng Israel, at
pipisanin ang mga nangalat ng Juda mula sa apat na sulok
ng lupa. **13** Ang inggit naman ng Ephraim ay maaalis, at
ang mga lumiligalig ng Juda ay mahihiwalay: ang Ephraim
ay hindi maiinggit sa Juda, at ang Juda ay hindi liligalig sa
Ephraim. **14** At sila'y lulusob sa mga Filisteo sa kalunuran;
magkasamang sasamsam sila sa mga anak ng silanganan:
kanilang iuunat ang kanilang kamay sa Edom at sa Moab; at
susundin sila ng mga anak ni Ammon. **15** At lubos na sisirain
ng Panginoon ang look ng dagat ng Egipto; at iwawaswas
ang kaniyang kamay sa Ilog ng kaniyang malakas na hangin,
at papagpipituhing batis, at palalakarin ang mga tao na hindi
basa ang mga paa. **16** At magkakaroon ng isang lansangan
sa nalabi sa kaniyang bayan, na malalabi, mula sa Asiria;
gaya ng nagkaroon sa Israel ng araw na siya'y umahon mula
sa lupain ng Egipto.

**12** At sa araw na yaon ay iyong sasabihin, Ako'y
pasasalamat sa iyo, Oh Panginoon; sapagka't bagaman
ikaw ay nagalit sa akin ang iyong galit ay napawi, at iyong
inaaliw ako. **2** Narito, Dios ay aking kaligtasan; ako'y titiwala,
at hindi ako matatakot: sapagka't ang Panginoon si Jehova
ay aking kalakasan at awit; at siya'y naging aking kaligtasan.
**3** Kaya't kayo'y iigib ng tubig na may kagalakan sa mga
balon ng kaligtasan. **4** At sa araw na yao'y inyong sasabihin,
Mangagpasalamat kayo sa Panginoon, kayo'y magsitawag
sa kaniyang pangalan, ipahayag ninyo ang kaniyang mga
gawa sa mga bayan, sabihin ninyo na ang kaniyang pangalan
ay marangal. **5** Magsiawit kayo sa Panginoon; sapagka't
siya'y gumawa ng mga marilag na bagay: ipaalam ito sa
buong lupa. **6** Humiyaw ka ng malakas at sumigaw ka, ikaw
na nananahan sa Sion: sapagka't dakila ang Banal ng Israel
sa gitna mo.

**13** Ang hula tungkol sa Babilonia na nakita ni Isaias
na anak ni Amoz. **2** Kayo'y mangaglagay ng isang
watawa't sa bundok, na walang punong kahoy, mangaglakas
kayo ng tinig sa kanila, inyong senyasan ng kamay, upang
sila'y magsipasok sa mga pintuang-bayan ng mga mahal na
tao. **3** Aking inutusan ang aking mga itinalaga, oo, aking
tinawag ang aking mga makapangyarihang lalake dahil sa
aking galit, sa makatuwid baga'y ang nangagagalak sa aking
kamahalan. **4** Ang ingay ng karamihan sa mga bundok, gaya
ng malaking bayan: ang ingay ng kagulo ng mga kaharian ng
mga bansa na nagpipisan! pinipisan ng Panginoon ng mga
hukbo ang hukbo ukol sa pagbabaka. **5** Sila'y nangagmumula
sa malayong lupain, mula sa kaduluduluhang bahagi ng
langit, sa makatuwid baga'y ang Panginoon, at ang mga
almas ng kaniyang galit, upang gibain ang buong lupain.
**6** Magsiangal kayo; sapagka't ang araw ng Panginoon
ay malapit na; darating na pinaka paggiba na mula sa
Makapangyarihan sa lahat. **7** Kaya't lahat ng kamay ay
manghihina, at bawa't puso ng tao ay manglulumo: **8** At sila'y
manglulupaypay; mga pagdaramdam at mga kapanglawan
ay dadanasin nila; sila'y mangaghihirap na gaya ng babae
sa pagdaramdam: mangagkakatigilan; ang kanilang mga
mukha ay magiging parang liyab. **9** Narito, ang kaarawan
ng Panginoon ay dumarating, mabagsik, na may poot at
mabangis na galit; upang gawin kagibaan ang lupa, at upang
lipulin mula roon ang mga makasalanan niyaon. **10** Sapagka't
ang mga bituin ng langit at ang mga gayak niyaon, hindi

magbibigay ng kanilang liwanag: ang araw ay magdidilim
sa kaniyang pagsikat, at hindi pasisilangin ng buwan ang
kaniyang liwanag. **11** At aking parurusahan ang sanglibutan
dahil sa kanilang kasamaan, at ang mga masama dahil sa
kanilang kabalakyutan; at aking patitigilin ang kahambugan
ng palalo, at aking ibababa ang kapalaluan ng kakilakilabot.
**12** At aking gagawin ang isang lalake ay maging mahalaga
kay sa dalisay na ginto, ang tao na higit kay sa dalisay na
ginto ng Ophir. **13** Kaya't aking panginginigin ang mga langit,
at ang lupa ay yayanigin mula sa kinaroroonan sa poot ng
Panginoon ng mga hukbo, at sa kaarawan ng kaniyang
mabangis na galit, **14** At mangyayari, na kung paano ang
usang hinahabol, at kung paano ang mga tupa na walang
pumisan, ay magsisibalik sila bawa't isa sa kaniyang sariling
bayan, at tatakas bawa't isa sa kaniyang sariling lupain. **15**
Bawa't masusumpungan ay palalagpasan; at bawa't nahuli
ay mabubuwal sa tabak. **16** Ang kanilang mga sanggol
ay pagluluraylurayin sa harap ng kanilang mga mata; ang
kanilang mga bahay ay sasamsaman, at ang kanilang
mga asawa ay dadahasin. **17** Narito, aking hihikayatin ang
mga Medo laban sa kanila, na hindi magpapakundangan
sa pilak, at tungkol sa ginto, hindi nila kaluluguran. **18**
At pagluluraylurayin ng kanilang mga busog ang mga
binata; at sila'y hindi maaawa sa bunga ng bahay-bata; ang
kanilang mata ay hindi mahahabag sa mga bata. **19** At ang
Babilonia, ang kaluwalhatian ng mga kaharian, ang ganda ng
kapalaluan ng mga Caldeo, ay magiging gaya nang gibain ng
Dios ang Sodoma at Gomorra. **20** Hindi matatahanan kailan
man, ni di tatahanan sa buong panahon: ni di magtatayo
roon ang taga Arabia ng tolda; ni di pahihigain doon ng
mga pastor ang kanilang kawan. **21** Kundi mga maiilap na
hayop sa ilang ang magsisihiga roon; at ang kanilang mga
bahay ay mangapupuno ng mga hayop na nagsisiungal; at
mga avestruz ay magsisitahan doon, at ang mga lalaking
kambing ay magluluksuhan roon. **22** At ang mga lobo ay
magsisihiyaw sa kanilang mga moog, at ang mga chakal
sa mga maligayang palasio: at ang kanilang panahon ay
malapit nang sumapit, at ang kanilang mga kaarawan ay
hindi magtatagal.

**14** Sapagka't ang Panginoon ay maaawa sa Jacob, at
kaniyang pipiliin pa ang Israel, at ilalagay sila sa
kanilang sariling lupain: at ang taga ibang lupa ay lalakip sa
kanila, at sila'y masasanib sa sangbahayan ni Jacob. **2** At
kukunin sila ng mga tao, at dadalhin sila sa kanilang dako: at
aariin sila ng sangbahayan ng Israel sa lupain ng Panginoon,
na mga pinakaaliping lalake at babae: at kanilang bibihagin
sila, na nagsibihag sa kanila; at mangagpupuno sila sa
mga mamimighati sa kanila. **3** At mangyayari, sa araw
na bibigyan ka ng Panginoon ng kapahingahan sa iyong
kapanglawan, at sa iyong kabagabagan, at sa mabigat na
paglilingkod na ipinapaglingkod sa iyo, **4** Na iyong gagamitin
ang talinghagang ito laban sa hari sa Babilonia, at iyong
sasabihin, Kung paano ang mamimighati ay naglikat! ang
bayang ginto ay naglikat! **5** Binali ng Panginoon ang tungkod
ng masama, ang cetro ng mga pinuno; **6** Siya na sumakit ng
mga tao sa poot ng walang likat na bugbog, na nagpuno
sa mga bansa sa galit, na may pag-uusig na hindi pinigil
ng sinoman. **7** Ang buong lupa ay nasa katiwasayan, at
tahimik: sila'y biglang nagsisiawit. **8** Oo, ang mga puno
ng cipres ay nagagalak dahil sa iyo, at ang mga cedro sa
Libano, na nangagsasabi, Mula nang ikaw ay malugmok
wala nang mamumutol na umaahon laban sa amin. **9** Ang
Sheol mula sa ibaba ay nakikilos sa iyo upang salubungin
ka sa iyong pagdating; nangapupukaw ang mga patay dahil
sa iyo, sa makatuwid baga'y ang lahat na pinakapangulo
sa lupa; nagsitindig mula sa kanilang mga luklukan ang
lahat ng hari ng mga bansa. **(Sheol h7585)** **10** Silang lahat ay
magsisisagot at mangagsasabi sa iyo, Pati ba ikaw ay naging
mahinang gaya namin? ikaw ba'y naging gaya namin? **11**
Ang iyong kahambugan ay nababa sa Sheol pati ng tunog
ng iyong mga biola: ang uod ay nangangalat sa ilalim mo, at
tinatakpan ka ng mga uod. **(Sheol h7585)** **12** Ano't nahulog ka
mula sa langit, Oh tala sa umaga, anak ng umaga! paanong
ikaw ay lumagpak sa lupa, ikaw na siyang nagpahina sa
mga bansa! **13** At sinabi mo sa iyong sarili, Ako'y sasampa
sa langit, aking itataas ang aking luklukan sa itaas ng mga
bituin ng Dios; at ako'y uupo sa bundok ng kapisanan, sa
mga kaduluduluhang bahagi ng hilagaan: **14** Ako'y sasampa
sa itaas ng mga kaitaasan ng mga alapaap; ako'y magiging
gaya ng Kataastaasan. **15** Gayon ma'y mabababa ka sa
Sheol, sa mga kaduluduluhang bahagi ng hukay. **(Sheol h7585)**
**16** Silang nangakakakita sa iyo ay magsisititig sa iyo, kanilang
mamasdan ka, na mangagsasabi, Ito baga ang lalake na
nagpayanig ng lupa, na nagpauga ng mga kaharian; **17** Na
ginawang gaya ng ilang ang sanglibutan, at gumiba ng mga
bayan nito; na hindi nagpakawala ng kaniyang mga bilanggo
upang magsiuwi? **18** Lahat ng mga hari ng mga bansa,
silang lahat, nangatutulog sa kaluwalhatian, bawa't isa'y sa
kaniyang sariling bahay. **19** Nguni't ikaw ay natapon mula sa
iyong libingan na gaya ng kasuklamsuklam na sanga, gaya
ng bihisan ng mga patay, na tinaga ng tabak, na bumaba sa
mga bato ng hukay: gaya ng bangkay na nayapakan ng paa.
**20** Ikaw ay hindi malalakip sa kanila sa libingan, sapagka't
iyong sinira ang iyong lupain, iyong pinatay ang iyong bayan;
ang angkan ng mga manggagawa ng kasamaan ay hindi
lalagi magpakailan man. **21** Mangaghanda kayo na pumatay
sa kanilang mga anak dahil sa kasamaan ng kanilang mga
magulang; upang sila'y huwag magsibangon, at ariin ang

lupain, at punuin ang ibabaw ng lupa ng mga bayan. 22
At ako'y babangon laban sa kanila, sabi ng Panginoon ng
mga hukbo, at ihihiwalay ko sa Babilonia ang pangalan
at ang nalabi, at ang anak at ang anak ng anak, sabi
ng Panginoon. 23 Akin namang gagawing pinakaari ng
hayop na erizo, at mga lawa ng tubig: at aking papalisin ng
pangpalis na kagibaan, sabi ng Panginoon ng mga hukbo.
24 Ang Panginoon ng mga hukbo ay sumumpa, na nagsabi,
Tunay na kung ano ang iniisip ko, gayon ang mangyayari;
at kung ano ang aking pinanukala, gayon mananayo: 25
Na aking lalansagin ang taga Asiria sa aking lupain, at sa
aking mga bundok ay yayapakan ko siya sa ilalim ng paa;
kung magkagayo'y mahihiwalay ang kaniyang atang sa
kanila, at ang ipinasan niya ay mahihiwalay sa kanilang
balikat. 26 Ito ang panukala na aking pinanukala sa buong
lupa: at ito ang kamay na umunat sa lahat ng mga bansa.
27 Sapagka't pinanukala ng Panginoon ng mga hukbo, at
sinong wawala ng kabuluhan? at ang kaniyang kamay na
nakaunat, at sinong maguurong? 28 Nagkaroon ng hulang
ito nang taong mamatay ang haring Achaz. 29 Ikaw ay
huwag magalak, ikaw na buong Filistia, sa pagkabali ng
pamalo na sumakit sa iyo: sapagka't sa ahas ay lalabas ang
ulupong, at ang kaniyang anak ay magiging mabangis na
ahas na lumilipad. 30 At ang panganay ng dukha ay kakain,
at ang mapagkailangan ay mahihigang tiwasay: at aking
papatayin ng gutom ang iyong angkan, at ang nalabi sa
iyo ay papatayin. 31 Ikaw ay umungal, Oh pintuang-bayan;
ikaw ay humiyaw, Oh bayan; ikaw ay napugnaw, Oh ikaw
na buong Filistia; sapagka't lumalabas ang usok na mula
sa hilagaan, at walang malalabi sa kaniyang mga takdang
panahon. 32 Ano nga ang isasagot sa mga sugo ng bansa?
Na itinayo ng Panginoon ang Sion, at doon nanganganlong
ang nagdadalamhati sa kaniyang bayan.

**15** Ang hula tungkol sa Moab. Sapagka't sa isang gabi
ang Ar ng Moab ay nagiba, at nawalan ng kabuluhan;
sapagka't sa isang gabi ay nagiba ang Kir ng Moab, at
nawalan ng kabuluhan. 2 Siya'y umahon sa Bayith, at
sa Dibon, sa mga mataas na dako, upang umiyak: ang
Moab ay umaangal sa Nebo, at sa Medeba: lahat nilang
ulo ay kalbo, bawa't balbas ay gupit. 3 Sa kanilang mga
lansangan ay nangagbibigkis sila ng kayong magaspang: sa
kanilang mga bubungan, at sa kanilang mga luwal na dako,
umaangal ang bawa't isa, na umiiyak ng di kawasa. 4 At
ang Hesbon ay humihiyaw, at ang Eleale; ang kanilang tinig
ay naririnig hanggang sa Jahas: kaya't ang mga lalaking
nangasasakbatan sa Moab ay nagsihiyaw ng malakas; ang
kaniyang kalooban ay nagugulumihanan. 5 Ang aking puso
ay dumadaing dahil sa Moab, ang kaniyang mga mahal na
tao ay nagsisitakas sa Zoar, sa Eglat-selisiyah: sapagka't
sa ahunan sa Luhith ay nagsisiahon silang may iyakan:
sapagka't sa daan ng Horonaim ay nagsisihagulhol sila sa
kapahamakan. 6 Sapagka't ang tubig ng Nimrim ay natuyo,
sapagka't ang damo ay natuyo, ang sariwang damo ay
nalalanta, walang sariwang bagay. 7 Kaya't ang kasaganaan
na kanilang tinamo, at ang kanilang tinipon, ay kanilang
dadalhin sa mga batis ng mga kahoy na sauce. 8 Sapagka't
ang daing ay lumilipana sa mga hangganan ng Moab; ang
angal niya ay hanggang sa Eglaim, at ang angal niya ay
hanggang sa Beer-elim. 9 Sapagka't ang tubig ng Dimon
ay nahaluan ng dugo: sapagka't magpapasapit pa ako sa
Dimon ng isang leon na nakatanan sa Moab, at sa nalabi sa
lupain.

**16** Ipadadala ninyo ang mga kordero na ukol sa pinuno
ng lupain mula sa Selah na nasa dakong ilang,
hanggang sa bundok ng anak na babae ng Sion. 2 Sapagka't
mangyayari, na gaya ng mga ibong nagsisigala, na gaya ng
kalat na pugad, magiging gayon ang mga anak na babae ng
Moab sa mga tawiran ng Arnon. 3 Magpayo ka, magsagawa
ka ng kahatulan; iyong gawin ang iyong anino na gaya ng gabi
sa gitna ng katanghaliang tapat: ikubli mo ang mga tapon;
huwag mong ilitaw ang palaboy. 4 Patirahin mong kasama mo
ang aking natapon; tungkol sa Moab, maging kanlungan ka
niya sa mukha ng mananamsam: sapagka't ang mamimighati
ay mauuwi sa wala, ang pagsamsam ay matitigil, ang mga
mamimighati ay malilipol sa lupain. 5 At ang luklukan ay
matatatag sa kagandahang-loob, at isa'y uupo roon sa
katotohanan, sa tabernakulo ni David; na humahatol at
humahanap ng kahatulan, at nagmamadaling nagsasagawa
ng katuwiran. 6 Aming nabalitaan ang kapalaluan ng Moab,
na siya'y totoong palalo; ang kaniyang kahambugan, at ang
kaniyang kapalaluan, at ang kaniyang poot, ang kaniyang
paghahambog ay nauuwi sa wala. 7 Kaya't aangal ang Moab
dahil sa Moab, bawa't isa'y aangal: dahil sa mga binilong
pasas ng Kirhareseth ay mananangis kayong lubha na
nangamamanglaw. 8 Sapagka't ang mga bukid ng Hesbon
ay nanghihina, at ang ubasan ng Sibma; sinira ng mga
mahal na tao ng mga bansa ang mga piling pananim niyaon;
sila'y nagsisapit hanggang sa Jazer, sila'y nagsilaboy sa
ilang; ang kaniyang mga sanga ay nangalaladlad, sila'y
nagsitawid sa dagat. 9 Kaya't iiyak ako ng iyak ng Jazer
dahil sa puno ng ubas ng Sibma: aking didiligin ka ng aking
mga luha, Oh Hesbon, at Eleale; sapagka't sa iyong mga
bunga ng taginit at sa iyong pagaani, dumating ang hiyaw
sa pakikipagbaka. 10 At ang kasayahan ay naalis, at ang
kagalakan sa mainam na bukid; at sa mga ubasan ay hindi
magkakaroon ng mga awitan, o masayang kaingay man:
walang manyayapak na gagawa ng alak sa alakan; aking
pinatigil ang awitan sa pagaani. 11 Kaya't ang aking tiyan ay

tumutunog na parang alpa dahil sa Moab, at ang aking mga
lamang-loob dahil sa Kir-hares. 12 At mangyayari, pagka
ang Moab ay humarap, pagka siya'y napagod sa mataas na
dako, at paroroon sa kaniyang santuario upang dumalangin,
ay hindi siya mananaig. 13 Ito ang salita na sinalita ng
Panginoon tungkol sa Moab sa panahong nakaraan. 14
Nguni't ngayo'y nagsalita ang Panginoon, na nagsasabi,
Sa loob ng tatlong taon, na gaya ng mga taon ng isang
upahan, ay mawawalang kabuluhan ang kaluwalhatian ng
Moab sangpu ng lahat niyang karamihan; at ang nalabi ay
mangangaunti at walang halaga.

**17** Ang hula tungkol sa Damasco. Narito, ang Damasco
ay naalis sa pagkabayan, at magiging isang buntong
ginto. 2 Ang mga bayan ng Aroer ay napabayaan: yao'y
magiging sa mga kawan, na hihiga, at walang tatakot. 3
Ang moog sa kuta naman ay mawawala sa Ephraim, at
mawawalan ng kaharian ang Damasco, at ang nalabi sa
Siria; sila'y magiging gaya ng kaluwalhatian ng mga anak ni
Israel, sabi ng Panginoon ng mga hukbo. 4 At mangyayari sa
araw na yaon, na ang kaluwalhatian ng Jacob ay mangliliit,
at ang katabaan ng kaniyang laman ay mangangayayat.
5 At mangyayari na gaya ng pamumulot ng mangaani ng
nakatayong trigo, at ng panggapas ng kaniyang kamay ng
mga uhay; oo, magiging gaya ng pamumulot ng mga uhay
sa libis ng Ephraim. 6 Gayon ma'y maiiwan doon ang mga
pinulot, gaya ng pagugog sa puno ng olibo na dalawa o
tatlong bunga ay naiiwan sa dulo ng kataastaasang sanga,
apat o lima sa kadululuduluhang mga sanga ng mabungang
punong kahoy, sabi ng Panginoon, ng Dios ng Israel. 7
Sa araw na yaon ay titingin ang mga tao sa Maylalang sa
kanila, ang kanilang mga mata ay magkakaroon ng pitagan
sa Banal ng Israel. 8 At sila'y hindi titingin sa mga dambana,
na gawa ng kanilang mga kamay, o magkakaroon man
sila ng pitagan sa ginawa ng kanilang mga daliri, maging
sa mga Asera, o sa mga larawang araw. 9 Sa araw na
yao'y ang kanilang mga matibay na bayan ay magiging
gaya ng mga dakong pinabayaan sa gubat, at sa taluktok
ng bundok, na pinabayaan sa harap ng angkan ni Israel:
at magiging sira. 10 Sapagka't iyong nilimot ang Dios ng
inyong kaligtasan, at hindi mo inalaala ang malaking bato ng
iyong kalakasan: kaya't nagtatanim ka ng mga maligayang
pananim, at iyong ibinabaon ang punla ng iba: 11 Sa araw ng
iyong pagtatanim ay iyong binabakuran, at sa kinaumagahan
ay iyong pinamumulaklak ang iyong binhi; nguni't nawawalan
ng ani sa araw ng kalumbayan at sa lubhang kahapisan.
12 Ah, ang kaingay ng maraming bayan, na nagsisiugong
na gaya ng ugong ng mga dagat; at ang daluhong ng mga
bansa, na nagsisiugong na parang ugong ng bugso ng tubig!
13 Ang mga bansa ay magsisihugos na parang agos ng
maraming tubig nguni't sila'y sasawayin niya, at magsisitakas
sa malayo, at papaspasin na gaya ng ipa sa mga bundok
sa harap ng hangin, at gaya ng ipoipong alabok sa harap
ng bagyo. 14 Sa gabi ay narito ang kakilabutan; at bago
dumating ang umaga ay wala na sila. Ito ang bahagi nila na
nagsisisamsam sa atin, at ang palad nila na nangagnanakaw
sa atin.

**18** Ah, ang lupain ng pagaspas ng mga pakpak, na nasa
dako roon ng mga ilog ng Etiopia: 2 Na nagsusugo ng
mga sugo na nangagdadagat, sa makatuwid baga'y sa mga
sasakyang papiro sa tubig, na nagsasabi, Magsiyaon kayo,
maliliksing sugo, sa bansang mataas at patag, sa bayang
kakilakilabot mula sa kanilang pasimula at sa haharapin;
sa bansang sumusukat at yumayapak, na ang lupain ay
hinahati ng mga ilog! 3 Kayong lahat na nananahan sa
sanglibutan, at kayong mga naninirahan sa lupa, pagka ang
isang watawat ay nataas sa mga bundok, inyong tingnan; at
pagka ang pakakak ay hinipan, makinig kayo. 4 Sapagka't
ganito ang sinabi ng Panginoon sa akin, Ako'y tatahimik, at
aking mamasdan mula sa aking dakong tahanan, gaya ng
malinaw na init sa sikat ng araw, gaya ng ulap na hamog
sa init ng pagaani. 5 Sapagka't bago magani, pagka ang
bulaklak ay nalagas, at ang bulaklak ay nagiging ubas na
nahihinog, kaniyang puputulin ng karit na pangkapon ang
mga usbong, at ang mga ladlad na sanga ay kaniyang aalisin
at puputulin. 6 Ang mga yaon ay pawang mangaiiwan sa
mga ibong mangdadagit sa mga bundok, at sa mga hayop
sa lupa: at pagtataginitan ang mga yaon ng mga ibong
mangdadagit, at pagtataginawan ang mga yaon ng lahat na
hayop sa lupa. 7 Sa panahong yao'y dadalhin ang isang
kaloob sa Panginoon ng mga hukbo ng mga taong matataas
at makikisig, at mula sa bayang kakilakilabot na mula sa
kanilang pasimula hanggang sa haharapin; isang bansa na
sumusukat at yumayapak, na ang lupain ay hinahati ng mga
ilog, sa dako ng pangalan ng Panginoon ng mga hukbo, na
bundok ng Sion.

**19** Ang hula tungkol sa Egipto. Narito, ang Panginoon
ay nakasakay sa isang matuling alapaap, at napasasa
Egipto: at ang mga diosdiosan ng Egipto ay makikilos sa
kaniyang harapan, at ang puso ng Egipto ay manglulumo sa
gitna niyaon. 2 At aking hihikayatin ang mga Egipcio laban sa
mga Egipcio: at lalaban bawa't isa sa kanikaniyang kapatid, at
bawa't isa laban sa kaniyang kapuwa; bayan laban sa bayan,
at kaharian laban sa kaharian. 3 At ang diwa ng Egipto ay
mauupos sa gitna niyaon; at aking sisirain ang payo niyaon:
at sasangguni sila sa mga diosdiosan, at sa mga enkantador,
at sa mga nakikipagsanggunian sa masamang espiritu, at sa
mga manghuhula. 4 At aking ibibigay ang mga Egipcio sa

kamay ng mabagsik na panginoon; at mabangis na hari ay
magpupuno sa kanila, sabi ng Panginoon, ng Panginoon
ng mga hukbo. 5 At magkukulang ng tubig sa mga dagat,
at ang ilog ay mawawalan ng tubig at matutuyo. 6 At ang
mga ilog ay babaho; ang mga batis ng Egipto ay huhupa at
matutuyo: ang mga tambo at mga talahib ay mangatutuyo.
7 Ang mga parang sa pangpang ng Nilo, sa baybayin ng
Nilo, at lahat na nahasik sa tabi ng Nilo, mangatutuyo,
mangatatangay, at mangawawala. 8 Ang mga mangingisda
naman ay magsisitaghoy, at lahat ng nangaglalawit ng
bingwit sa Nilo ay tatangis, at silang nangaglaladlad ng mga
lambat sa mga tubig ay manganglalata. 9 Bukod dito'y silang
nagsisigawa sa mga lino, at silang nagsisihabi ng puting
damit ay mangapapahiya. 10 At ang kaniyang mga haligi
ay magkakaputolputol, silang lahat na nangagpapaupa ay
nangagdadalamhati ang kalooban. 11 Ang mga pangulo sa
Zoan ay lubos na mangmang; ang payo ng mga pinakapantas
at kasangguni ni Faraon ay naging tampalasan: paanong
masasabi ninyo kay Faraon, Ako'y anak ng pantas, anak ng
mga dating hari? 12 Saan nangaroon nga ang iyong mga
pantas? at sasabihin nila sa iyo ngayon; at alamin nila kung
ano ang pinanukala ng Panginoon ng mga hukbo tungkol
sa Egipto. 13 Ang mga pangulo sa Zoan ay naging mga
mangmang, ang mga pangulo sa Nof ay nangadaya; kanilang
iniligaw ang Egipto, na siyang panulok na bato ng kaniyang
mga lipi. 14 Naghalo ang Panginoon ng diwa ng kasuwailan
sa gitna niya: at iniligaw nila ang Egipto sa bawa't gawa niya,
na parang langong tao na nahahapay sa kaniyang suka. 15
Hindi na magkakaroon man sa Egipto ng anomang gawain,
na magagawa ng ulo o ng buntot, sanga ng palma, o tambo.
16 Sa araw na yaon ay magiging parang mga babae ang
Egipto: at manginginig at matatakot dahil sa bala ng kamay
ng Panginoon ng mga hukbo, na kaniyang ibinabala. 17 At
ang lupain ng Juda ay magiging kakilabutan sa Egipto; sa
kanino man mabanggit yaon ay matatakot, dahil sa panukala
ng Panginoon ng mga hukbo, na ipinanukala laban doon.
18 Sa araw na yaon ay magkakaroon ng limang bayan sa
lupain ng Egipto, na mangagsasalita ng wika ng Canaan, at
magsisisumpa sa Panginoon ng mga hukbo; isa'y tatawagin:
Ang bayang giba. 19 Sa araw na yaon ay magkakaroon ng
isang dambana sa Panginoon sa gitna ng lupain ng Egipto,
at isang haligi sa hangganan niyaon sa Panginoon. 20 At
magiging pinakatanda at pinakasaksi sa Panginoon ng mga
hukbo sa lupain ng Egipto: sapagka't sila'y magsisidaing sa
Panginoon dahil sa mga mamimighati, at magsusugo siya sa
kanila ng isang tagapagligtas, at isang tagapagsanggalang,
at kaniyang ililigtas sila. 21 At ang Panginoon ay makikilala
sa Egipto, at makikilala ng mga Egipcio ang Panginoon sa
araw na yaon; oo, sila'y magsisisamba na may hain at alay,
at magsisipanata ng panata sa Panginoon, at tutuparin.
22 At sasaktan ng Panginoon ang Egipto, na nananakit at
magpapagaling; at sila'y manunumbalik sa Panginoon, at
siya'y madadalanginan nila, at pagagalingin niya sila. 23 Sa
araw na yaon ay magkakaroon ng lansangan mula sa Egipto
hanggang sa Asiria, at ang mga taga Asiria ay magsisipasok
sa Egipto, at ang mga Egipcio ay sa Asiria, at ang mga
Egipcio ay magsisisambang kasama ng mga taga Asiria. 24
Sa araw na yao'y magiging pangatlo ang Israel sa Egipto at
sa Asiria, na pagpapala sa gitna ng lupain: 25 Sapagka't
pinagpala sila ng Panginoon ng mga hukbo, na sinasabi,
Pagpalain ang bayan kong Egipto, at ang Asiria na gawa ng
aking mga kamay, at ang Israel na aking mana.

**20** Nang taong dumating si Tartan kay Asdod, nang suguin
siya ni Sargon na hari sa Asiria, at siya'y makipaglaban
kay Asdod, at sakupin niya; 2 Nang panahong yaon ay
nagsalita ang Panginoon sa pamamagitan ni Isaias na anak
ni Amoz, na nagsasabi, Ikaw ay yumaon, at kalagin mo ang
kayong magaspang sa iyong mga balakang, at maghubad
ka ng iyong panyapak sa iyong paa. At ginawa niyang gayon
na lumakad na hubad at walang panyapak. 3 At sinabi ng
Panginoon, Kung paanong ang aking lingkod na si Isaias ay
lumakad na hubad at walang panyapak na tatlong taon na
pinakatanda at pinakakamanghaan sa Egipto at sa Etiopia;
4 Gayon ihahatid ng hari sa Asiria ang mga bihag sa Egipto,
at ang mga tapon sa Etiopia, bata at matanda, hubad at
walang panyapak, at may mga pigi na litaw, sa ikapapahiya
ng Egipto. 5 At sila'y manganglulupaypay at mangapapahiya,
dahil sa Etiopia na kanilang pagasa at sa Egipto na kanilang
kaluwalhatian. 6 At ang nananahan sa baybaying ito ay
mangagsasabi sa araw na yaon, Narito, gayon na lamang
ang aming pagasa, na aming tinakasan na hiningan ng
tulong upang makalaya sa hari sa Asiria: at kami paanong
makatatanan?

**21** Ang hula tungkol sa ilang na nasa baybayin ng dagat.
Kung paanong umiikot ang mga ipoipo sa Timugan
gayon dumarating ang hangin na mula sa ilang mula sa
kakilakilabot na lupain. 2 Isang malubhang pangitain ay
naipahayag sa akin; ang manggagawa ng karayaan ay
gumagawang may karayaan, at ang mananamsam ay
nananamsam. Umahon ka, Oh Elam; kumubkob ka, Oh
Media; lahat ng buntong-hininga niya'y aking pinatigil. 3
Kaya't ang aking mga balakang ay puspos ng kahirapan;
mga hirap ay dinamdam ko, gaya ng mga hirap ng babae
sa pagdaramdam; ako'y naghihirap na anopa't hindi ako
makarinig; ako'y nanglulupaypay na anopa't hindi ako
makakita. 4 Ang aking puso ay sumisikdo, kakilabutan ay
tumakot sa akin: ang pagtatakip-silim na aking ninasa ay

naging kapanginigan sa akin. 5 Sila'y nangaghanda ng
dulang, sila'y nangaglagay ng bantay, sila'y nagsisikain,
sila'y nagsisiinom: magsitindig kayo, kayong mga pangulo,
inyong ihanda ang kalasag. 6 Sapagka't ganito ang sinabi ng
Panginoon sa akin, Ikaw ay yumaon, maglagay ka ng bantay;
ipahayag niya kung ano ang nakikita niya: 7 At pagka siya'y
nakakita ng pulutong, ng mga nangangabayong dalawa't
dalawa, ng mga asno, ng pulutong ng mga kamelyo siya'y
masikap na makikinig na ma'y pagiingat. 8 At siya'y umungal
na parang leon: Oh Panginoon, ako'y tumatayong lagi sa
moog na bantayan kung araw, at ako'y tumatanod sa aking
bantayan na magdamagan: 9 At, narito, dito'y dumarating
ang isang pulutong na lalake, mga nangangabayong dalawa't
dalawa. At siya'y sumagot at nagsabi, Babilonia ay nabagsak,
nabagsak, at lahat na larawang inanyuan na kaniyang mga
dios ay nangabagsak sa lupa. 10 Oh ikaw na aking giniik, at
trigo ng aking giikan: ang aking narinig sa Panginoon ng
mga hukbo, sa Dios ng Israel, aking ipinahayag sa iyo. 11
Ang hula tungkol sa Duma. May tumatawag sa akin mula
sa Seir, Bantay, anong nangyari sa gabi? Bantay, anong
nangyari sa gabi? 12 Sinabi ng bantay, Ang umaga ay
dumarating, at gayon din ang gabi: kung inyong uusisain,
usisain ninyo: magsipihit kayo, parito kayo. 13 Ang hula
tungkol sa Arabia. Sa gubat ng Arabia ay magsisitigil
kayo, Oh kayong nangaglalakbay na pulupulutong na mga
Dedaneo. 14 Ang nauuhaw ay dinadalhan nila ng tubig;
sinalubong ng mga nananahan sa lupain ng Tema na may
kanilang tinapay ang mga bihag. 15 Sapagka't kanilang
tinatakasan ang mga tabak, ang bunot na tabak, at ang
akmang busog, at ang lala ng digmaan. 16 Sapagka't
ganito ang sinabi ng Panginoon sa akin, Sa loob ng isang
taon, ayon sa mga taon ng magpapaupa, ang lahat ng
kaluwalhatian ng Cedar ay mapapawi: 17 At ang malabi sa
bilang sa mga mangbubusog, sa mga makapangyarihang
lalake na mga anak ni Cedar, ay mangiilan: sapagka't ang
Panginoon, ang Dios ng Israel, siyang nagsalita.

**22** Ang hula tungkol sa libis ng pangitain. Anong
ipinakikialam mo ngayon na ikaw ay lubos na sumampa
sa mga bubungan? 2 Oh ikaw na puspos ng mga hiyawan,
magulong bayan, masayang bayan; ang iyong mga patay
ay hindi nangapatay ng tabak, o nangamatay man sila sa
pakikipagbaka. 3 Lahat mong pinuno ay nagsitakas na
magkakasama, nangatalian ng mga mangbubusog: lahat na
nangasumpungan sa iyo ay nangataliang magkakasama,
nagsitakas na malayo. 4 Kaya't sinabi ko, Bayaan ninyo ako,
ako'y iiyak na may kapanglawan; huwag ninyong sikaping
aliwin ako, ng dahil sa pagkasamsam sa anak na babae ng
aking bayan. 5 Sapagka't araw na pagkatulig at ng pagyurak,
at ng pagkalito, mula sa Panginoon, mula sa Panginoon
ng mga hukbo, sa libis ng pangitain; pagkabagsak ng mga
kuta at paghiyaw sa mga bundok. 6 At ang Elam ay may
dalang lalagyan ng pana, may mga karo ng mga tao at
mga mangangabayo; at ang Kir ay Bunot ang kalasag. 7
At nangyari, na ang iyong pinakapiling libis ay puno ng
mga karo, at ang mga mangangabayo ay nagsisihanay sa
pintuang-bayan. 8 At kaniyang inalis ang takip ng Juda; at
ikaw ay tumitig ng araw na yaon sa sakbat sa bahay na
kahoy sa gubat. 9 At inyong nakita ang mga sira ng bayan
ni David, na napakarami: at inyong pinisan ang tubig ng
mababang tangke. 10 At inyong binilang ang mga bahay
ng Jerusalem, at inyong iginiba ang mga bahay upang
patibayin ang kuta. 11 Kayo'y nagsigawa naman ng tipunang
tubig sa pagitan ng dalawang kuta para sa tubig ng dating
tangke. Nguni't hindi ninyo tiningnan siyang gumawa nito,
o nagpakundangan man kayo sa kaniya na naganyo nito
na malaon na. 12 At nang araw na yao'y tumawag ang
Panginoon, ang Panginoon ng mga hukbo, sa pagiyak, at sa
pagtangis, at sa pagkakalbo, at sa pagbibigkis ng kayong
magaspang. 13 At, narito, kagalakan at kasayahan, pagpatay
ng mga baka at pagpatay ng mga tupa, pagkain ng karne, at
paginom ng alak: Tayo'y magsikain at magsiinom, sapagka't
bukas tayo ay mangamamatay. 14 At ang Panginoon ng mga
hukbo ay naghayag sa aking mga pakinig, Tunay na ang
kasamaang ito ay hindi malilinis sa inyo hanggang sa kayo'y
mangamatay, sabi ng Panginoon, ng Panginoon ng mga
hukbo. 15 Ganito ang sabi ng Panginoon, ng Panginoon ng
mga hukbo, Ikaw ay yumaon, pumaroon ka sa tagaingat-
yamang ito sa makatuwid baga'y kay Sebna, na katiwala
sa bahay, at iyong sabihin, 16 Anong ginagawa mo rito?
at sinong ibinaon mo rito, na gumawa ka rito ng isang
libingan para sa iyo? na gumagawa ka ng libingan sa itaas,
at umuukit ka ng tahanan niyang sarili sa malaking bato!
17 Narito, ibabagsak kang bigla ng Panginoon na gaya
ng malakas na tao: oo, kaniyang hihigpitan ka. 18 Tunay
niyang papipihit-pihitin at itatapon ka na parang bola sa
malaking lupain; doon ka mamamatay, at doon malalagay
ang mga karo ng iyong kaluwalhatian, ikaw na kahihiyan
ng sangbahayan ng iyong panginoon. 19 At aalisin kita sa
iyong katungkulan, at sa iyong kinaroroonan ay ibubuwal
ka. 20 At mangyayari sa araw na yaon, na aking tatawagin
ang aking lingkod na si Eliacim na anak ni Hilcias: 21
At aking susuutan siya ng iyong balabal, at patitibayin
siya ng iyong pamigkis, at aking ipagkakatiwala ang iyong
pamamahala sa kaniyang kamay: at siya'y magiging ama
sa mga nananahan sa Jerusalem, at sa sangbahayan ni
Juda. 22 At ang katungkulan sa sangbahayan ni David
ay iaatang ko sa kaniyang balikat; at siya'y magbubukas,
at walang magsasara; at siya'y magsasara, at walang

magbubukas. 23 At aking ikakapit siya na parang pako sa
isang matibay na dako; at siya'y magiging pinakaluklukan ng
kaluwalhatian sa sangbahayan ng kaniyang magulang. 24 At
kanilang ipagkakaloob sa kaniya ang buong kaluwalhatian
ng sangbahayan ng kaniyang magulang, ang mga anak at
ang angkan, bawa't sisidlan, mula sa mga munting sisidlan
hanggang sa mga malalaking sisidlan. 25 Sa araw na yaon,
sabi ng Panginoon ng mga hukbo, matatanggal ang pakong
nakapit sa matibay na dako; at mababalikwat, at mahuhulog,
at ang mga sabit niyaon ay malalaglag; sapagka't sinalita ng
Panginoon.

23 Ang hula tungkol sa Tiro. Magsiangal kayo, kayong
mga sasakyang dagat ng Tarsis; sapagka't nasira, na
anopa't walang bahay, walang pasukan: mula sa lupain ng
Chittim ay nahayag sa kanila. 2 Magsitahimik kayo, kayong
mga nananahan sa baybayin; ikaw na pinasagana ng mga
mangangalakal ng Sidon, na nagdaraan sa dagat. 3 At
nasa baybayin ng malawak na tubig ang binhi ng Sihor, ang
ani ng Nilo, naging kaniyang pakinabang; at siya'y naging
pamilihan ng mga bansa. 4 Mahiya ka, O Sidon: sapagka't
sinalita ng dagat, ng tanggulan ng dagat, na sinasabi, hindi
ako nagdamdam, o nanganak man, o nagalaga man ako ng
mga binata, o nagpalaki ng mga dalaga. 5 Pagka ang balita
ay dumating sa Egipto, ay mamamanglaw silang mainam
sa balita tungkol sa Tiro. 6 Mangagpatuloy kayo sa Tarsis:
magsiangal kayo, kayong mga nananahan sa baybayin. 7
Ito baga ang inyong masayang bayan, na matanda na mula
pa noong unang araw, na dinadala ng kaniyang mga paa sa
malayo upang mangibang bayan? 8 Sinong nagpanukala
nito laban sa Tiro na siyang bayang nagpuputong, na ang
mga manininda ay mga pangulo, na ang mga mangangalakal
ay mararangal sa lupa. 9 Pinanukala ng Panginoon ng
mga hukbo, upang hamakin ang kapalaluan ng buong
kaluwalhatian, upang hiyain ang lahat na mararangal sa
lupa? 10 Magdaan ka sa iyong lupain na gaya ng Nilo, Oh
anak na babae ng Tarsis; wala ka ng lakas. 11 Kaniyang
iniunat ang kaniyang kamay sa dagat, kaniyang niyanig
ang mga kaharian: ang Panginoon ay nagutos tungkol sa
Canaan, upang gibain ang mga kuta niyaon. 12 At kaniyang
sinabi, Ikaw ay hindi na magagalak pa, Oh ikaw na aping
dalaga ng Sidon; bumangon ka, magdaan ka sa Chittim:
doon ma'y hindi ka magkakaroon ng kapahingahan. 13
Tingnan mo ang lupain ng mga Caldeo; ang bayang ito ay
wala na; inilaan ng taga Asiria para sa mga hayop sa ilang;
kanilang itinayo ang kanilang mga moog; iginiba nila ang
mga palacio niyaon: kaniyang pinapaging isang guho. 14
Magsiangal kayo, kayong mga sasakyang dagat ng Tarsis:
sapagka't ang inyong tanggulan ay giba. 15 At mangyayari,
sa araw na yaon na ang Tiro ay malilimutang pitong pung
taon, ayon sa mga kaarawan ng isang hari: pagkatapos
ng pitong pung taon ay mangyayari sa Tiro ang gaya sa
awit ng patutot. 16 Ikaw ay humawak ng alpa, lumibot ka
sa bayan, ikaw na patutot na nalimutan; magpainam ka ng
tinig, umawit ka ng maraming awit, upang ikaw ay maalaala.
17 At mangyayari, sa katapusan ng pitong pung taon, na
dadalawin ng Panginoon ang Tiro, at pagbabalikan niya ang
kaniyang upa, at magiging patutot sa lahat ng kaharian ng
sanglibutan sa ibabaw ng lupa. 18 At ang kaniyang kalakal at
ang upa sa kaniya ay itatalaga sa Panginoon: hindi itatago o
isisimpan man, sapagka't ang kaniyang kalakal ay magiging
sa ganang kanila na nagsisitahan sa harap ng Panginoon,
upang magsikaing may kabusugan, at manamit na mainam.

24 Narito, pinawawalan ng laman ng Panginoon ang lupa,
at sinisira, at binabaligtad, at pinangangalat ang mga
nananahan doon. 2 At mangyayari, na kung paano sa mga
tao, gayon sa saserdote; kung paano sa alipin, gayon sa
kaniyang panginoon; kung paano sa alilang babae, gayon
sa kaniyang panginoong babae; kung paano sa mamimili,
gayon sa nagbibili; kung paano sa mapagpahiram, gayon
sa manghihiram; kung paano sa mapagpatubo, gayon sa
pinatutubuan. 3 Ang lupa ay lubos na mawawalan ng
laman, at lubos na masasamsaman; sapagka't sinalita ng
Panginoon ang salitang ito. 4 Ang lupa ay tumatangis at
nasisira, ang sanglibutan ay nanghihina at nanglalata, ang
mapagmataas na bayan sa lupa ay nanghihina. 5 Ang lupa
naman ay nadumhan sa ilalim ng mga nananahan doon;
sapagka't kanilang sinalangsang ang kautusan, binago ang
alituntunin, sinira ang walang hanggang tipan. 6 Kaya't
nilamon ng sumpa ang lupa, at silang nagsisitahan doon
ay nangasumpungang salarin; kaya't ang mga nananahan
sa lupa ay nangasunog, at nangagilan ang tao. 7 Ang
bagong alak ay pinabayaan, ang puno ng ubas ay nalanta,
lahat ng masayang puso ay nagbubuntong-hininga. 8 Ang
saya ng mga pandereta ay naglikat, ang kaingay nila na
nangagagalak ay nagkawakas, ang galak ng alpa ay naglikat.
9 Sila'y hindi magsisiinom ng alak na may awitan; matapang
na alak ay magiging mapait sa kanila na nagsisiinom niyaon.
10 Ang bayan ng pagkalito ay nabagsak: bawa't bahay ay
nasarhan, upang walang taong makapasok doon. 11 May
daing sa mga lansangan dahil sa alak; lahat ng kagalakan
ay naparam, ang kasayahan sa lupa ay nawala. 12 Naiwan
sa bayan ay kagibaan, at ang pintuang-bayan ay nawasak.
13 Sapagka't ganito ang mangyayari sa mga tao sa gitna ng
lupain na gaya ng paguga sa isang punong olibo, gaya ng
pamumulot ng ubas pagkatapos ng pag-aani. 14 Ang mga ito
ay maglalakas ng kanilang tinig, sila'y magsisihiyaw; dahil sa
kamahalan ng Panginoon ay nagsisihiyaw sila ng malakas
mula sa dagat. 15 Kaya't luwalhatiin ninyo ang Panginoon

sa silanganan, sa makatuwid baga'y ang pangalan ng
Panginoon, ng Dios ng Israel, sa mga pulo ng dagat. **16**
Mula sa kadululuduluhang bahagi ng lupa ay nakarinig kami
ng mga awit, kaluwalhatian sa matuwid. Nguni't aking sinabi,
Namamatay ako, namamayat ako, sa aba ko! ang mga
manggagawang taksil ay nagsisigawang may kataksilan,
oo, ang mga manggagawang taksil ay nagsisigawa na may
lubhang kataksilan. **17** Takot, at ang hukay, at ang silo ay
nangasa iyo, Oh nananahan sa lupa. **18** At mangyayari, na
siyang tumatakas sa kakilakilabot na kaingay ay mahuhulog
sa hukay; at siyang sumasampa mula sa gitna ng hukay ay
mahuhuli sa silo: sapagka't ang mga dungawan sa itaas ay
nangabuksan, at ang mga patibayan ng lupa ay umuuga. **19**
Ang lupa ay nagibang lubos, ang lupa ay lubos na nasira,
ang lupa ay nakilos ng di kawasa. **20** Ang lupa ay gigiray
na parang lango, at mauuga na parang dampa; at ang
kaniyang pagsalangsang ay magiging mabigat sa kaniya, at
mabubuwal, at hindi na magbabangon. **21** At mangyayari, sa
araw na yaon, na parurusahan ng Panginoon ang hukbo ng
mga mataas sa itaas, at ang mga hari sa lupa sa ibabaw
ng lupa. **22** At sila'y mangapipisan, gaya ng mga bilanggo
na mangapipisan sa hukay, at masasarhan sa bilangguan,
at pagkaraan ng maraming araw ay dadalawin sila. **23**
Kung magkagayo'y malilito ang buwan, at ang araw ay
mapapahiya; sapagka't ang Panginoon ng mga hukbo ay
maghahari sa bundok ng Sion, at sa Jerusalem; at sa harap
ng kaniyang mga matanda ay may kaluwalhatian.

**25** Oh Panginoon, ikaw ay aking Dios; aking ibubunyi ka,
aking pupurihin ang iyong pangalan; sapagka't ikaw ay
gumawa ng kagilagilalas na bagay, sa makatuwid baga'y
ang iyong binalak noong una, sa pagtatapat at katotohanan.
**2** Sapagka't iyong pinapaging isang bunton ang isang bayan,
ang bayang matibay ay pinapaging isang guho: ang palasio
ng mga taga ibang lupa ay di na magiging bayan; hindi
matatayo kailan man. **3** Kaya't luluwalhatiin ka ng matibay
na bayan, ang bayan ng kakilakilabot na mga bansa ay
matatakot sa iyo. **4** Sapagka't ikaw ay naging ampunan sa
dukha, ampunan sa mapagkailangan sa kaniyang kahirapan,
silongan sa bagyo, lilim sa init, pagka ang hihip ng mga
kakilakilabot ay parang bagyo laban sa kuta. **5** Gaya ng
init sa tuyong dako patitigilin mo ang ingay ng mga taga
ibang lupa; gaya ng init sa pamamagitan ng lilim ng alapaap,
matitigil ang awit ng mga kakilakilabot. **6** At sa bundok na ito
ay gagawa ang Panginoon ng mga hukbo sa lahat ng mga
bayan, ng isang kapistahan ng mga matabang bagay, ng
isang kapistahan ng mga alak na laon, ng mga matabang
bagay na puno ng utak, ng mga alak na laon na totoong sala.
**7** At kaniyang aalisin sa bundok na ito ang takip na nalagay
sa lahat ng mga bayan, at ang lambong na naladlad sa lahat
na bansa. **8** Sinakmal niya ang kamatayan magpakailan
man; at papahirin ng Panginoong Dios ang mga luha sa lahat
ng mga mukha; at ang kakutyaan ng kaniyang bayan ay
maalis sa buong lupa: sapagka't sinalita ng Panginoon. **9** At
sasabihin sa araw na yaon, Narito, ito'y ating Dios; hinintay
natin siya, at ililigtas niya tayo: ito ang Panginoon; ating
hinintay siya, tayo'y matutuwa at magagalak sa kaniyang
pagliligtas. **10** Sapagka't sa bundok na ito magpapahinga
ang kamay ng Panginoon; at ang Moab ay mayayapakan sa
kaniyang dako, gaya ng dayami na nayayapakan sa tapunan
ng dumi. **11** At kaniyang iuunat ang kaniyang mga kamay
sa gitna niyaon, gaya ng paguunat ng lumalangoy upang
lumangoy: at kaniyang ibababa ang kaniyang kapalaluan
sangpu ng gawa ng kaniyang mga kamay. **12** At ang mataas
na moog ng iyong mga kuta ay kaniyang ibinaba, giniba, at
ibinagsak sa lupa, hanggang sa alabok.

**26** Sa araw na yaon ay aawitin ang awit na ito sa lupain
ng Juda: Tayo ay may matibay na bayan; kaligtasan
ay kaniyang ilalagay na pinakakuta at pinakakatibayan. **2**
Buksan ninyo ang mga pintuang-bayan, upang mapasukan
ng matuwid na bansa na nagiingat ng katotohanan. **3** Iyong
iingatan siya sa lubos na kapayapaan, na ang pagiisip ay
sumasa iyo: sapagka't siya'y tumitiwala sa iyo. **4** Magsitiwala
kayo sa Panginoon magpakailan man: sapagka't nasa
Panginoong Jehova ang walang hanggang bato. **5** Sapagka't
ibinaba niya sila na nagsisitahan sa itaas, na mapagmataas
na bayan: kaniyang ibinaba, ibinaba hanggang sa lupa:
kaniyang ibinagsak hanggang sa alabok. **6** Yayapakan ng
paa, sa makatuwid baga'y ng mga paa ng dukha, at ng
mga hakbang ng mapagkailangan. **7** Ang daan ng ganap ay
katuwiran: ikaw na matuwid ay nagtuturo ng landas ng ganap.
**8** Oo, sa daan ng iyong mga kahatulan, Oh Panginoon,
nangaghintay kami sa iyo: sa iyong pangalan at sa alaala sa
iyo ang nasa ng aming kaluluwa. **9** Ninasa kita ng aking
kaluluwa sa gabi; oo, ng diwa ko sa loob ko ay hahanapin
kita na masikap: sapagka't pagka nasa lupa ang iyong mga
kahatulan ay nangatututo ng katuwiran ang mga nananahan
sa sanglibutan. **10** Magpakita man ng awa sa masama, hindi
rin siya matututo ng katuwiran; sa lupain ng katuwiran ay
gagawa siyang may kamalian, at hindi niya mapapansin ang
kamahalan ng Panginoon. **11** Panginoon, ang iyong kamay
ay nakataas, gayon ma'y hindi nila nakikita: nguni't makikita
nila ang iyong sikap sa bayan, at mangapapahiya; oo,
sasakmalin ng apoy ang iyong mga kaaway. **12** Panginoon,
ikaw ay magaayos ng kapayapaan sa amin: sapagka't ikaw
rin ang gumawa ng lahat naming gawa na para sa amin.
**13** Oh Panginoon naming Dios, ang ibang mga panginoon,
bukod sa iyo ay nagtaglay ng pagkapanginoon sa amin;
nguni't ikaw lamang ang babanggitin namin sa pangalan. **14**

Sila'y patay, sila'y hindi mabubuhay; sila'y namatay, sila'y
hindi babangon: kaya't iyong dinalaw at sinira sila, at pinawi
mo ang lahat na alaala sa kanila. **15** Iyong pinarami ang
bansa, Oh Panginoon, iyong pinarami ang bansa; ikaw ay
nagpakaluwalhati: iyong pinalaki ang lahat na hangganan ng
lupain. **16** Panginoon, sa kabagabagan ay dinalaw ka nila,
sila'y nangagbugso ng dalangin, nang pinarurusahan mo
sila. **17** Gaya ng babae na nagdadalang-tao na lumalapit
ang panahon ng kaniyang panganganak, ay nasa hirap at
humihiyaw sa kaniyang pagdaramdam; naging gayon kami
sa harap mo, Oh Panginoon. **18** Kami ay nangagdalang-tao,
kami ay nalagay sa pagdaramdam, kami ay tila nanganak ng
hangin; kami ay hindi nagsigawa ng anomang kagalingan sa
lupa; o nabuwal man ang mga nananahan sa sanglibutan.
**19** Ang iyong mga patay ay mangabubuhay; ang aking patay
na katawan ay babangon. Magsigising at magsiawit, kayong
nagsisitahan sa alabok: sapagka't ang iyong hamog ay gaya
ng hamog ng mga damo, at iluluwa ng lupa ang mga patay.
**20** Ikaw ay parito, bayan ko, pumasok ka sa iyong mga silid,
at isara mo ang iyong mga pintuan sa palibot mo: magkubli
kang sangdali, hanggang sa ang galit ay makalampas; **21**
Sapagka't, narito, ang Panginoon ay lumalabas mula sa
kaniyang dako upang parusahan ang mga nananahan sa
lupa dahil sa kanilang kasamaan: ililitaw naman ng lupa
ang kaniyang dugo, at hindi na tatakpan ang kaniyang
nangapatay.

**27** Sa araw na yaon ay parurusahan ng Panginoon, ng
kaniyang matigas at malaki at matibay na tabak ang
leviatan na maliksing ahas, at ang leviatan na lumilikaw na
ahas, at kaniyang papatayin ang buwaya na nasa dagat. **2**
Sa araw na yaon: Awitin ninyo sa kaniya ang tungkol sa
isang ubasang pinagkunan ng alak. **3** Akong Panginoon
ang nagiingat; aking didiligin tuwituwina: baka saktan ng
sinoman, aking iingatan gabi't araw. **4** Kagalitan ay hindi
sumasa akin: kung makipagbaka sana ang mga dawag
at mga tinik laban sa akin! akin yaong yayapakan, aking
susunuging magkakasama. **5** O manghawak sana siya sa
aking lakas, upang siya'y makipagpayapaan sa akin; oo,
makipagpayapaan siya sa akin. **6** Sa mga araw na darating
ay maguugat ang Jacob; ang Israel ay mamumulaklak at
magbubuko: at pupunuin nila ng bunga ang ibabaw ng
sanglibutan. **7** Sinaktan baga niya siya na gaya ng pagsakit
niya sa mga yaon, na nanakit sa kaniya? o pinatay siya ng
ayon sa pagpatay nila, na napatay niya? **8** Sa sukat, pagka
iyong pinayayaon siya, ikaw ay nakikipagtalo sa kaniya;
kaniyang binago siya ng kaniyang pagispis na hihip sa
kaarawan ng silanganang hangin. **9** Kaya't sa pamamagitan
nito ay malilinis ang kasamaan ng Jacob, at ito ang buong
bunga ng pagaalis ng kaniyang kasalanan: pagka kaniyang
ginagawa ang mga bato ng dambana na gaya ng mga
malambot na batong naluluray upang ang mga Asera at ang
mga larawang araw ay hindi na matatayo. **10** Sapagka't ang
bayang nakukutaan ay nagiisa, isang tahanang pinabayaan
at iniwanan gaya ng ilang: doon manginginain ang guya, at
doon hihiga, at kakainin ang mga sanga niyaon. **11** Pagka
ang mga sanga niyaon ay nangatuyo, babaliin; paroroonan
ng mga babae at igagatong sa apoy: sapagka't bayan
na walang unawa; kaya't ang gumawa sa kanila ay hindi
magdadalang habag sa kanila, at ang naganyo sa kanila ay
hindi magpapakita sa kanila ng lingap. **12** At mangyayari sa
araw na yaon, na lalagasin ng Panginoon ang bunga niyaon
mula sa agos ng ilog hanggang sa batis ng Egipto, at kayo'y
mapipisang isa isa, Oh kayong mga anak ni Israel. **13** At
mangyayari sa araw na yaon, na ang malaking pakakak ay
hihipan; at silang nangapapahamak sa lupain ng Asiria ay
magsisiparito, at silang mga tapon sa lupain ng Egipto; at
sila'y magsisisamba sa Panginoon sa banal na bundok ng
Jerusalem.

**28** Sa aba ng putong ng kapalaluan ng mga manglalasing
sa Ephraim, at ng lipas na bulaklak ng kaniyang
maluwalhating kagandahan, na nasa ulunan ng mainam na
libis nila na nadaig ng alak! **2** Narito, ang Panginoon ay
may isang makapangyarihan at malakas na sugo parang
bagyo ng granizo, na manggigibang bagyo, parang unos
ng bumubugsong tubig na bumabaha, ay ibubuwal niya
sa lupa sa pamamagitan ng malakas na kamay. **3** Ang
putong ng kapalaluan ng mga manglalasing sa Ephraim ay
mayayapakan ng paa: **4** At ang lipas na bulaklak ng kaniyang
maluwalhating kagandahan, na nasa ulunan ng mainam na
libis, magiging gaya ng maagang hinog na bunga ng igos
bago magtaginit; na kung nakikita ng tumitingin, samantalang
na sa kaniyang kamay pa, kinakain na niya. **5** Sa araw na
yaon ay magiging putong ng kaluwalhatian ang Panginoon
ng mga hukbo, at pinakadiadema ng kagandahan, sa nalabi
sa kaniyang bayan; **6** At pinaka diwa ng kahatulan sa
kaniya na nauupo sa kahatulan, at pinakalakas sa kanila
na umuurong sa pakikipagbaka hanggang sa pintuang-
daan. **7** Gayon man ang mga ito ay gumigiray dahil sa
alak, at dahil sa matapang na alak ay pahapayhapay; ang
saserdote at ang propeta ay gumigiray dahil sa matapang
na alak, sila'y nangasakmal ng alak, sila'y pahapayhapay
dahil sa matapang na alak: sila'y nangamamali sa pangitain,
sila'y nangatitisod sa paghatol. **8** Sapagka't lahat ng mga
dulang ay puno ng suka, at ng karumihan, na anopa't walang
dakong malinis. **9** Kanino siya magtuturo ng kaalaman?
at kanino niya ipatatalastas ang balita? silang nangalayo
sa gatas, at nangahiwalay sa suso? **10** Sapagka't utos at
utos: utos at utos; bilin at bilin, bilin at bilin; dito'y kaunti,

doo'y kaunti. **11** Hindi, kundi sa pamamagitan ng mga
taong may ibang pangungusap at may iba't ibang wika ay
sasalitain niya sa bayang ito. **12** Na kaniyang pinagsabihan,
Ito ang kapahingahan, papagpahingahin ninyo siya na
pagod; at ito ang kaginhawahan: gayon ma'y hindi nila
pinakinggan. **13** Kaya't ang salita ng Panginoon ay magiging
sa kanila'y utos at utos, utos at utos; bilin at bilin, bilin at bilin;
dito'y kaunti, doo'y kaunti; upang sila'y mangakayaon, at
mangapahinga, at mangabalian, at mangasilo, at mangahuli.
**14** Kaya't iyong dinggin ang salita ng Panginoon, ninyong
mga mangduduwahaging tao, na nangagpupuno sa bayang
ito na nasa Jerusalem: **15** Sapagka't inyong sinabi, Tayo'y
nakipagtipan sa kamatayan, at sa Sheol ay nakipagkasundo
tayo; pagka ang mahigpit na kasakunaan ay dumaan, hindi
darating sa atin; sapagka't ating ginawang pinakakanlungan
natin ang mga kabulaanan, at sa ilalim ng kasinungalingan
ay nangagkubli tayo, **(Sheol h7585)** **16** Kaya't ganito ang sabi
ng Panginoong Dios, Narito, aking inilalagay sa Sion na
pinakapatibayan ang isang bato, isang batong subok, isang
mahalagang batong panulok na may matibay na patibayan:
ang naniniwala ay hindi magmamadali. **17** At aking ilalagay
na pinakapising panukat ang katuwiran, at pinakapabato
ang kabanalan: at papalisin ng granizo ang kanlungan ng
mga kabulaanan, at aapawan ng tubig ang taguang dako.
**18** At ang inyong tipan sa kamatayan ay mawawalan ng
kabuluhan, at ang iyong pakikipagkasundo sa Sheol ay hindi
mamamalagi; pagka ang mahigpit na kasakunaan ay daraan,
kayo nga'y ipapahamak niyaon. **(Sheol h7585)** **19** Sa tuwing
dadaan, tatangayin kayo; sapagka't tuwing umaga ay daraan,
sa araw at sa gabi: at mangyayari na ang balita ay magiging
kakilakilabot na matalastas. **20** Sapagka't ang higaan ay
lalong maikli na hindi maunatan ng tao; at ang kumot ay
lalong makitid na hindi makabalot sa kaniya. **21** Sapagka't
ang Panginoon ay babangon na gaya sa bundok ng Perasim,
siya'y napopoot na gaya sa libis ng Gabaon; upang kaniyang
magawa ang kaniyang gawain, ang kaniyang kakaibang
gawain, at papangyarihin ang kaniyang gawain, ang kaniyang
kakaibang gawain. **22** Huwag nga kayong mapagtuya, baka
ang mga panali sa inyo ay magsitibay: sapagka't ang paglipol
na ipinasiya, narinig ko sa Panginoon, sa Panginoon ng
mga hukbo, sa buong lupa. **23** Pakinggan ninyo, at dinggin
ninyo ang aking tinig, inyong dinggin, at pakinggan ang
aking pananalita. **24** Nag-aararo bagang lagi ang mang-
aararo upang maghasik? Kaniya bagang laging binubungkal
at dinudurog ang kaniyang lupa. **25** Pagka kaniyang napatag
ang ibabaw niyaon hindi ba niya binibinhian ng eneldo, at
ikinakalat ang binhing comino, at inihahanay ang trigo, at
ang cebada sa takdang dako, at ang espelta sa hangganan
niyaon? **26** Sapagka't itinuturong matuwid sa kaniya ng
kaniyang Dios, at itinuturo sa kaniya: **27** Sapagka't ang
eneldo ay hindi ginigiik ng panggiik na matalas, o ang gulong
man ng karo ay gugulong sa comino; kundi ang eneldo ay
hinahampas ng tungkod, at ang comino ay ng pamalo. **28**
Ang trigong ginagawang tinapay ay ginigiling; sapagka't
hindi laging magigiik: at bagaman pangalatin yaon ng gulong
ng kaniyang karo at ng kaniyang mga kabayo, hindi niya
ginigiling. **29** Gayon ma'y ito'y mula rin sa Panginoon ng
mga hukbo, na kamanghamangha sa payo, at marilag sa
karunungan.

**29** Hoy Ariel, Ariel, na bayang hinantungan ni David!
magdagdag kayo ng taon sa taon; magdiwang sila ng
mga kapistahan: **2** Akin ngang pahihirapan ang Ariel, at
magsisitangis at mananaghoy: at siya'y magiging gaya ng
Ariel sa akin. **3** At ako'y magtatayo ng kampamento laban
sa iyo sa palibot, at kukubkubin kita ng mga kuta, at ako'y
magbabangon ng mga pangkubkob laban sa iyo. **4** At ikaw
ay mabababa, at magsasalita mula sa lupa, at ang iyong
salita ay magiging mababa na mula sa alabok: at ang iyong
tinig ay magiging gaya ng isang nakikipagsanggunian sa
masamang espiritu, mula sa lupa, at ang iyong pananalita
ay bubulong mula sa alabok. **5** Nguni't ang karamihan ng
iyong mga kaaway ay magiging gaya ng munting alabok,
at ang karamihan ng mga kakilakilabot ay gaya ng ipang
inililipad ng hangin: oo, magiging sa biglang sandali. **6** Siya'y
dadalawin ng Panginoon ng mga hukbo sa pamamagitan
ng kulog, at ng lindol, at ng malaking kaingay, ng ipoipo
at bagyo, at ng liyab ng mamumugnaw na apoy. **7** At ang
karamihan ng lahat na bansa na nagsisilaban sa Ariel,
lahat na nagsisilaban sa kaniya at sa kaniyang kuta, at ang
nagpapahirap sa kaniya, ay magiging gaya ng panaginip na
isang pangitain sa gabi. **8** At mangyayari, na gaya ng kung
ang isang gutom ay nananaginip, at, narito, siya'y kumakain;
nguni't siya'y nagigising, at ang kaniyang kaluluwa ay walang
anoman: o gaya ng kung ang isang uhaw ay nananaginip,
at, narito, siya'y umiinom; nguni't siya'y nagigising, at, narito,
siya'y malata, at ang kaniyang kaluluwa ay uhaw: gayon ang
mangyayari sa karamihan ng lahat na bansa, na nagsisilaban
sa bundok ng Sion. **9** Kayo'y mangatigilan at manganggilalas;
kayo'y mangalugod at mangabulag: sila'y lango, nguni't
hindi sa alak; sila'y gumigiray, nguni't hindi sa matapang
na alak. **10** Sapagka't inihulog ng Panginoon sa inyo ang
diwa ng mahimbing na pagkakatulog, at ipinikit ang inyong
mga mata, na mga propeta; at ang iyong mga pangulo,
na mga tagakita, ay kaniyang tinakpan. **11** At ang lahat ng
pangitain ay naging sa inyo'y gaya ng mga salita ng aklat na
natatatakan, na ibinibigay ng mga tao sa isang marunong
bumasa, na sinasabi, Iyong basahin ito, isinasamo ko sa
iyo: at kaniyang sinasabi, Hindi ko mababasa, sapagka't

natatatakan; **12** At ang aklat ay nabigay sa kaniya na hindi
marunong, na sinasabi, Iyong basahin ito, isinasamo ko sa
iyo: at kaniyang sinasabi, Ako'y hindi marunong bumasa.
**13** At sinabi ng Panginoon, Yamang ang bayang ito ay
lumapit sa akin, at pinapupurihan ako ng kanilang bibig at
ng kanilang mga labi, nguni't inilayo ang kanilang puso sa
akin, at ang kanilang takot sa akin ay utos ng mga tao na
itinuro sa kanila: **14** Dahil dito narito, pasisimulan kong gawin
ang isang kagilagilalas na gawa sa gitna ng bayang ito,
isang kagilagilalas na gawa at kamanghamangha: at ang
karunungan ng kanilang mga pantas ay mapapawi, at ang
unawa ng kanilang mga mabait ay malilingid. **15** Sa aba nila,
na nagsisihanap ng kalaliman upang ilingid sa Panginoon
ang kanilang payo, at ang kanilang mga gawa ay nasa
kadiliman, at kanilang sinasabi, Sinong nakakakita sa atin?
at sinong nakakakilala sa atin? **16** Kayo'y nangagbabaligtad
ng mga bagay! Maibibilang bagang putik ang magpapalyok;
upang sabihin ng bagay na yari sa may-gawa sa kaniya,
Hindi niya ginawa ako; o sabihin ng bagay na may anyo
tungkol sa naganyo, Siya'y walang unawa? **17** Hindi baga
sangdaling-sangdali na lamang, at ang Libano ay magiging
mainam na bukid, at ang mainam na bukid ay magiging
pinakagubat? **18** At sa araw na yaon ay makikinig ang
pipi ng mga salita ng aklat, at ang mga mata ng bulag
ay makakakita mula sa kalabuan at sa kadiliman. **19** At
mananagana naman sa kanilang kagalakan sa Panginoon,
ang maamo, at ang dukha sa gitna ng mga tao ay magagalak
sa Banal ng Israel. **20** Sapagka't ang kakilakilabot ay nauwi
sa wala, at ang mangduduwahagi ay naglilikat, at ang lahat
na nagbabanta ng kasamaan ay nangahiwalay: **21** Yaong
nakapagkasala sa tao sa isang usapin, at naglalagay ng silo
doon sa sumasaway sa pintuang-bayan, at nagliligaw sa
ganap na tao sa pamamagitan ng walang kabuluhan. **22**
Kaya't ganito ang sabi ng Panginoon, na siyang tumubos
kay Abraham, tungkol sa sangbahayan ni Jacob, Si Jacob
nga ay hindi mapapahiya o mamumula pa man ang kaniyang
mukha. **23** Nguni't pagka kaniyang nakikita ang kaniyang
mga anak, ang gawa ng aking mga kamay, sa gitna niya, ay
kanilang aariing banal ang aking pangalan; oo, kanilang
aariing banal ang Banal ni Jacob, at magsisitayong may
takot sa Dios ng Israel. **24** Sila namang nangamamali sa
diwa ay darating sa pagkaunawa, at silang mga mapag-
upasala ay mangatututo ng aral.

**30** Sa aba ng mga mapanghimagsik na mga anak, sabi
ng Panginoon, na nagsisisangguni, nguni't hindi sa
akin; at nangagaalay ng alay, nguni't hindi sa aking Espiritu,
upang makapagdagdag ng kasalanan sa kasalanan: **2**
Ang nagsisilakad na nagsisilusong sa Egipto, at hindi
nangagtanong sa aking bibig; upang mangagpakalakas
sa lakas ni Faraon, at magsitiwala sa lilim ng Egipto! **3**
Kaya't ang lakas ni Faraon ay magiging inyong kahihiyan,
at ang pagtiwala sa lilim ng Egipto ay inyong pagkalito. **4**
Sapagka't ang kaniyang mga pangulo ay nangasa Zoan,
at ang kanilang mga sugo ay nagsidating sa Hanes. **5**
Silang lahat ay mangapapahiya dahil sa bayan na hindi nila
mapapakinabangan, na hindi tulong o pakinabang man,
kundi kahihiyan, at kakutyaan din naman. **6** Ang hula tungkol
sa mga hayop ng Timugan. Sa lupain ng kabagabagan at ng
kahapisan, na pinanggagalingan ng leong babae at lalake, ng
ulupong at ng lumilipad na makamandag na ahas, kanilang
dinadala ang kanilang mga kayamanan sa mga gulugod
ng mga batang asno, at ang kanilang mga kayamanan sa
umbok ng gulugod ng mga kamelyo, sa isang bayan na hindi
nila mapapakinabangan. **7** Sapagka't ang Egipto ay tumulong
na walang kabuluhan, at walang kapararakan: kaya't aking
tinawag siyang Rahab na nauupong walang kibo. **8** Ngayo'y
yumaon ka, isulat mo sa harap nila sa isang tapyas na
bato, at ititik mo sa isang aklat upang manatili sa panahong
darating na walang hanggan. **9** Sapagka't mapanghimagsik
na bayan, mga sinungaling na anak, mga anak na hindi
didinig ng kautusan ng Panginoon: **10** Na nagsasabi sa
mga tagakita, Huwag kayong kumita; at sa mga propeta,
Huwag kayong manghula sa amin ng mga matuwid na
bagay, magsalita kayo sa amin ng mga malubay na bagay,
manghula kayo ng mga magdarayang bagay: **11** Humiwalay
kayo sa daan, lumihis kayo sa landas, papaglikatin ninyo ang
Banal ng Israel sa harap namin. **12** Kaya't ganito ang sabi
ng Banal ng Israel, Sapagka't inyong hinamak ang salitang
ito, at nagsitiwala kayo sa kapighatian at kasuwailan, at
yaon ay inyong inaasahan: **13** Kaya't ang kasamaang ito
ay magiging sa inyo'y gaya ng batong sira na madaling
mababagsak, na natatanggal sa isang matayog na pader, na
biglang dumarating ang pagkasira sa isang sangdali. **14** At
yao'y kaniyang babasagin na gaya ng pagbasag ng palyok
ng magpapalyok, na nababasag na putolputol na walang
matitira; na anopat walang masusumpungan na kapiraso sa
mga putol niyaon, na maikukuha ng apoy mula sa apuyan, o
maikakadlo ng tubig sa balon. **15** Sapagka't ganito ang sabi
ng Panginoong Dios, ng Banal ng Israel, Sa pagbabalik at
sa pagpapahinga ay matitiwasay kayo; sa katahimikan at
sa pagasa ay magiging ang inyong lakas. At hindi ninyo
inibig. **16** Kundi inyong sinabi, Hindi, sapagka't kami ay
magsisitakas na mangangabayo: kaya kayo'y magsisitakas:
at, Kami ay magsisisakay sa mga maliksi; kaya't silang
magsisihabol sa inyo ay maliliksi. **17** Isang libo ay tatakas
sa saway ng isa; sa saway ng lima ay tatakas kayo:
hanggang sa kayo'y maiwang parang isang palatandaan
sa taluktok ng bundok, at gaya ng isang watawat sa isang

burol. 18 At dahil dito maghihintay ang Panginoon, upang
siya'y maging mapagbiyaya sa inyo, at kaya't mabubunyi
siya, na siya'y magdadalang habag sa inyo: sapagka't ang
Panginoon ay Dios ng kahatulan; mapapalad yaong lahat
na nangaghihintay sa kaniya. 19 Sapagka't ang bayan ay
tatahan sa Sion sa Jerusalem: ikaw ay hindi na iiyak pa;
siya'y tunay na magiging mapagbiyaya sa iyo sa tinig ng
iyong daing; pagka kaniyang maririnig, sasagutin ka niya.
20 At bagaman bigyan kayo ng Panginoon ng tinapay ng
kasakunaan at ng tubig ng kadalamhatian, gayon may hindi
na makukubli pa ang iyong mga tagapagturo, kundi makikita
ng iyong mga mata ang iyong mga tagapagturo: 21 At ang
iyong mga pakinig ay makakarinig ng salita sa likuran mo,
na nagsasabi, Ito ang daan, lakaran ninyo; pagka kayo'y
pumipihit sa kanan, at pagka kayo'y pumipihit sa kaliwa. 22
At inyong lalapastanganin ang mga panakip ng inyong mga
larawang pilak na inanyuan at ang pangbalot sa inyong mga
larawang ginto na binubo: iyong ipaghahagis na gaya ng
maruming bagay: iyong sasabihin, Humayo ka. 23 At Siya ay
magbibigay ng ulan sa iyong binhi, na iyong hahasikan ang
lupa; at ng pagkaing bunga ng lupa, at magiging mataba
at sagana. Sa araw na yaon ay manginginain ang iyong
mga hayop sa mga malaking pastulan. 24 Ang mga baka at
gayon din ang mga guyang asno na bumubukid ng lupa
ay magsisikain ng may lasang pagkain, na pinahanginan
ng pala at hunkoy. 25 At magkakaroon ng mga ilog at
mga balon ng tubig sa lahat na mataas na bundok, at sa
lahat na matayog na burol, sa araw ng malaking patayan,
pagka ang mga moog ay nabubuwal. 26 Bukod dito'y
ang liwanag ng buwan ay magiging gaya ng liwanag ng
araw, at ang liwanag ng araw ay magpipito, na gaya ng
liwanag ng pitong araw, sa araw na talian ng Panginoon
ang sugat ng kaniyang bayan, at pagalingin ang bugbog na
kanilang sugat. 27 Narito, ang pangalan ng Panginoon ay
magmumula sa malayo, na nagniningas ng kaniyang galit, at
nasa umiilanglang na salimuot na usok: ang kaniyang mga
labi ay puno ng pagkagalit, at ang kaniyang dila ay gaya
ng mamumugnaw na apoy: 28 At ang kaniyang hinga ay
gaya ng umaapaw na ilog, na umaabot hanggang sa leeg,
upang igigin ang mga bansa ng pangigig na pangsira; at
isang paningkaw na nakapagpapaligaw ay malalagay sa
mga panga ng mga bayan. 29 Kayo'y mangagkakaroon ng
awit na gaya ng sa gabi pagka ang banal na kapistahan ay
ipinagdidiwang; at kasayahan ng puso, na gaya ng yumayaon
na may plauta upang masok sa bundok ng Panginoon, sa
malaking Bato ng Israel. 30 At iparirinig ng Panginoon ang
kaniyang maluwalhating tinig, at ipakikilala ang pagbabaka
ng kaniyang bisig, na may pagkagalit ng kaniyang galit,
at ng liyab ng mamumugnaw na apoy, na may bugso ng
ulan, at bagyo, at granizo, 31 Sapagka't sa pamamagitan ng
tinig ng Panginoon ay mangagkakawatakwatak ang taga
Asiria, na nananakit ng pamalo. 32 At bawa't hampas ng
takdang tungkod, na ibabagsak ng Panginoon sa kaniya,
mangyayaring may mga pandereta at may mga alpa; at sa
mga pakikipagbakang may pagkayanig ay makikipaglaban
siya sa kanila, 33 Sapagka't ang Topheth ay handa nang
malaon; oo, sa ganang hari ay inihanda; kaniyang pinalalim
at pinalaki: ang bunton niyaon ay apoy at maraming kahoy:
ang hinga ng Panginoon na gaya ng bugso ng azufre, ay
nagpapaningas ng apoy.

**31** Sa aba nila na nagsisilusong sa Egipto na humihinging
tulong, at nagsisiasa sa mga kabayo; at nagsisitiwala
sa mga karo, sapagka't marami, at sa mga mangangabayo,
sapagka't mga totoong napakalakas; nguni't hindi sila
nagsisitiwala sa Banal ng Israel, o hinahanap man ang
Panginoon! 2 Gayon ma'y siya'y pantas, at magdadala
ng kasamaan, at hindi iuurong ang kaniyang mga salita,
kundi babangon laban sa bahay ng mga manggagawa
ng kasamaan, at laban sa tulong nila na nagsisigawa ng
kasamaan. 3 Ang mga Egipcio nga ay mga tao, at hindi
Dios; at ang kanilang mga kabayo ay laman, at hindi diwa:
at pagka iuunat ng Panginoon ang kaniyang kamay, siyang
tumutulong ay matitisod, at gayon din siyang tinutulungan ay
mabubuwal, at silang lahat ay mangalilipol na magkakasama.
4 Sapagka't ganito ang sabi ng Panginoon sa akin, Kung
paano na ang leon at ang batang leon ay umuungal sa
kaniyang huli, pagka ang karamihan ng mga pastor ay
nagpipisan laban sa kaniya, na hindi siya matatakot sa
kanilang tinig, o maduduwag man dahil sa ingay nila: gayon
bababa ang Panginoon ng mga hukbo sa bundok ng Sion, at
sa burol niyaon upang makipaglaban. 5 Gaya ng mga ibong
nagsisilipad gayon aampunin ng Panginoon ng mga hukbo
ang Jerusalem; yao'y kaniyang aampunin at ililigtas, siya'y
daraan at iingatan niya, 6 Kayo'y manumbalik sa kaniya
na inyong pinanghimagsikan lubha, Oh mga anak ni Israel.
7 Sapagka't sa araw na yaon ay itatapon ng bawa't tao
ang kaniyang mga diosdiosang pilak, at ang kaniyang mga
diosdiosang ginto, na ginawa ng inyong sariling mga kamay,
sa ganang inyo ay naging kasalanan, 8 Kung magkagayo'y
mabubuwal ang taga Asiria sa pamamagitan ng tabak, na
hindi sa tao: at ang tabak, na hindi sa mga tao, lalamon sa
kaniya: at kaniyang tatakasan ang tabak, at ang kaniyang
mga binata ay magiging mamumuwis. 9 At ang kaniyang
malaking bato ay lalagpasan, dahil sa kakilabutan, at ang
kaniyang mga pangulo ay masisindak sa watawat, sabi ng
Panginoon, na ang kaniyang apoy ay nasa Sion, at ang
kaniyang hurno ay nasa Jerusalem.

**32** Narito, isang hari ay maghahari sa katuwiran, at mga
pangulo ay magpupuno sa kahatulan. **2** At isang lalake
ay magiging gaya ng isang kublihang dako sa hangin, at
kanlungan sa bagyo, gaya ng mga ilog ng tubig sa tuyong
dako, gaya ng lilim ng malaking bato sa kinapapagurang
lupain. **3** At ang mga mata nila na nangakakakita ay hindi
manganlalabo, at ang mga tainga nila na nangakikinig ay
mangakikinig. **4** Ang puso naman ng walang bahala ay
makakaunawa ng kaalaman, at ang dila ng mga utal ay
mangahahanda upang mangagsalita ng malinaw. **5** Ang
taong mangmang ay hindi na tatawagin pang dakila o ang
magdaraya man ay sasabihing magandang-loob. **6** Sapagka't
ang taong mangmang ay magsasalita ng kasamaan, at ang
kaniyang puso ay gagawa ng kasalanan, upang magsanay
ng paglapastangan, at magsalita ng kamalian laban sa
Panginoon, upang alisan ng makakain ang taong gutom,
at upang papagkulangin ang inumin ng uhaw. **7** Ang mga
kasangkapan din naman ng magdaraya ay masama: siya'y
kumakatha ng mga masamang katha upang ibuwal ang
mga maamo sa pamamagitan ng mga sinungaling na
salita, pagka nga ang mapagkailangan ay nagsasalita ng
matuwid. **8** Nguni't ang mapagbiyaya ay kumakatha ng mga
bagay na pagbibiyaya; at sa mga bagay na pagbibiyaya
ay mananatili siya. **9** Kayo'y magsibangon, kayong mga
babaing tiwasay, at dinggin ninyo ang tinig ko; ninyong
mga walang bahalang anak na babae, pakinggan ninyo
ang aking pananalita. **10** Sapagka't sa mga araw na sa
dako pa roon ng isang taon ay mangababagabag kayo,
kayong mga walang bahalang babae: sapagka't ang ani
ng ubas ay magkukulang, ang pagaani ay hindi darating.
**11** Kayo'y magsipanginig, kayong mga babaing tiwasay;
kayo'y mangabagabag, kayong mga walang bahala; kayo'y
magsipaghubo, at kayo'y magsipaghubad, at mangagbigkis
kayo ng kayong magaspang sa inyong mga balakang. **12**
Sila'y magsisidagok sa mga dibdib dahil sa mga maligayang
parang, dahil sa mabungang puno ng ubas. **13** Sa lupain ng
aking bayan ay tutubo ang mga tinik at mga dawag; oo,
sa lahat na bahay na kagalakan sa masayang bayan: **14**
Sapagka't ang bahay-hari ay mapapabayaan; ang mataong
bayan ay magiging ilang; ang burol at ang bantayang
moog ay magiging mga pinaka yungib magpakailan man,
kagalakan ng mga mailap na asno, pastulan ng mga kawan;
**15** Hanggang sa mabuhos sa atin ang Espiritu na mula
sa itaas, at ang ilang ay maging mabungang bukid, at
ang mabungang bukid ay mabilang na pinakagubat. **16**
Kung magkagayo'y tatahan ang kahatulan sa ilang, at ang
katuwiran ay titira sa mabungang bukid. **17** At ang gawain
ng katuwiran ay magiging kapayapaan; at ang bunga ng
katuwiran ay katahimikan at pagkakatiwala kailan man. **18**
At ang bayan ko ay tatahan sa payapang tahanan, at sa
mga tiwasay na tahanan, at sa mga tahimik na dako na
pahingahan. **19** Nguni't lalagpak ang granizo, sa ikasisira ng
gubat; at ang bayan ay lubos na mawawasak. **20** Mapapalad
kayo na nangaghahasik sa siping ng lahat na tubig, na
nangagpapalakad ng mga paa ng baka at ng asno.

**33** Sa aba mo na sumasamsam, at ikaw ay hindi
nasamsaman; at gumagawa na may kataksilan, at
sila'y hindi gumawang may kataksilan sa iyo! Pagka ikaw ay
naglikat ng pagsamsam, ikaw ay sasamsaman; at pagka ikaw
ay nakatapos ng paggawang may kataksilan, sila'y gagawang
may kataksilan sa iyo. **2** Oh Panginoon, magmahabagin
ka sa amin; aming hinintay ka: ikaw ay maging kanilang
bisig tuwing umaga; aming kaligtasan naman sa panahon
ng kabagabagan. **3** Sa ingay ng kagulo ay nagsisitakas
ang mga bayan; sa pagbangon mo ay nagsisipangalat
ang mga bansa. **4** At ang iyong samsam ay pipisanin na
gaya ng pagpisan ng uod: kung paanong ang mga balang
ay nagsisilukso ay gayon luluksuhan ng mga tao. **5** Ang
Panginoon ay nahayag; sapagka't siya'y tumatahan sa
mataas: kaniyang pinuno ang Sion ng kahatulan at katuwiran.
**6** At magkakaroon ng kapanatagan sa iyong mga panahon,
kasaganaan ng kaligtasan, karunungan at kaalaman: ang
pagkatakot sa Panginoon ay kaniyang kayamanan. **7** Narito,
ang kanilang mga matapang ay nagsisihiyaw sa labas;
ang mga sugo ng kapayapaan ay nagsisiiyak na mainam.
**8** Ang mga lansangan ay sira, ang palalakad na tao ay
naglilikat: kaniyang sinira ang tipan, kaniyang hinamak ang
mga bayan, hindi niya pinakukundanganan ang kapuwa tao.
**9** Ang lupain ay nananangis at nahahapis: ang Libano ay
nahihiya at natutuyo: ang Saron ay gaya ng isang ilang;
at ang Basan at ang Carmel ay napapaspas ang kanilang
mga dahon. **10** Ngayo'y babangon ako, sabi ng Panginoon;
ngayo'y magpapakataas ako; ngayo'y magpapakadakila
ako. **11** Kayo'y mangaglilihi ng ipa, kayo'y manganganak ng
dayami: ang inyong hinga ay apoy na pupugnaw sa inyo. **12**
At ang mga bayan ay magiging gaya ng pagluluto ng apog:
gaya ng mga putol na mga tinik, na mga nasusunog sa apoy.
**13** Pakinggan ninyo, ninyong nangasa malayo, kung ano
ang aking ginawa; at kilalanin ninyo, na nangasa malapit,
ang aking kapangyarihan. **14** Ang mga makasalanan sa
Sion ay nangatatakot; nanginginig ang mga masasama.
Sino sa atin ang tatahan sa mamumugnaw na apoy?
Sino sa atin ang tatahan sa walang hanggang ningas? **15**
Siyang lumalakad ng matuwid, at nagsasalita ng matuwid;
siyang humahamak ng pakinabang sa mga kapighatian, na
iniuurong ang kaniyang mga kamay sa paghawak ng mga
suhol, na nagtatakip ng kaniyang mga tainga ng pagdinig
ng tungkol sa dugo, at ipinipikit ang kaniyang mga mata

sa pagtingin sa kasamaan; 16 Siya'y tatahan sa mataas,
ang kaniyang dakong sanggalangan ay ang mga katibayan
na malalaking bato: ang kaniyang tinapay ay mabibigay
sa kaniya; ang kaniyang tubig ay sagana. 17 Makikita ng
iyong mga mata ang hari sa kaniyang kagandahan: sila'y
tatanaw sa isang lupaing malawak. 18 Ang inyong puso ay
gugunita ng kakilabutan: saan nandoon siya na bumibilang,
saan nandoon siya na tumitimbang ng buwis? saan nandoon
siya na bumibilang ng mga moog? 19 Hindi mo makikita
ang mabagsik na bayan, ang bayan na may malalim na
pananalita na hindi mo matatalastas, na may ibang wika na
hindi mo mauunawa. 20 Tumingin ka sa Sion, ang bayan ng
ating mga takdang kapistahan: makikita ng iyong mga mata
ang Jerusalem na tahimik na tahanan, isang tabernakulo na
hindi makikilos, ang mga tulos niyao'y hindi mangabubunot
kailan man, o mapapatid man ang alin man sa mga tali
niyaon. 21 Kundi doon ay sasa atin ang Panginoon sa
kamahalan, na dako ng mga maluwang na ilog at batis;
na hindi daraanan ng mga daong na may mga gaod, o
daraanan man ng magilas na sasakyang dagat. 22 Sapagka't
ang Panginoon ay ating hukom, ang Panginoon ay ating
tagapaglagda ng kautusan, ang Panginoon ay ating hari;
kaniyang ililigtas tayo. 23 Ang iyong mga tali ay nangakalag:
hindi nila mapatibay ang kanilang palo, hindi nila mailadlad
ang layag: ang huli nga na malaking samsam ay binahagi;
ang pilay ay kumuha ng huli. 24 At ang mamamayan ay
hindi magsasabi, Ako'y may sakit: ang bayan na tumatahan
doon ay patatawarin sa kanilang kasamaan.

**34** Kayo'y magsilapit, kayong mga bansa, upang
mangakinig; at dinggin ninyo, ninyong mga bayan:
dinggin ng lupa at ng buong narito; ng sanglibutan, at
ng lahat na bagay na nagsisilitaw rito. 2 Sapagka't ang
Panginoon ay may galit laban sa lahat na bansa, at pusok
ng loob laban sa lahat nilang hukbo: kaniyang lubos na
nilipol sila, kaniyang ibinigay sila sa patayan. 3 Ang kanilang
patay naman ay matatapon, at ang baho ng kanilang mga
bangkay ay aalingasaw, at ang mga bundok ay tutunawin ng
kanilang dugo. 4 At ang lahat na natatanaw sa langit ay
malilipol, at ang langit ay mababalumbong parang isang ikid:
at ang buo nilang hukbo ay mawawala na parang dahong
nalalanta sa puno ng ubas, at gaya ng lantang dahon ng
puno ng igos. 5 Sapagka't ang aking tabak ay nalango sa
langit: narito, yao'y bababa sa Edom, at sa bayan ng aking
sumpa, sa kahatulan. 6 Ang tabak ng Panginoon ay napuno
ng dugo, tumaba ng katabaan, sa dugo ng mga kordero
at ng mga kambing, sa taba ng mga bato ng mga lalaking
tupa: sapagka't may hain sa Panginoon sa Bosra, at may
malaking patayan sa lupain ng Edom. 7 At ang mga mailap
na baka ay magsisibabang kasama nila at ang mga baka na
kasama ng mga toro, at ang kanilang lupain ay malalango
ng dugo, at ang kanilang alabok ay tataba ng katabaan. 8
Sapagka't kaarawan ng panghihiganti ng Panginoon, na
taon ng kagantihan sa pagaaway sa Sion. 9 At ang mga
batis niya ay magiging sahing, at ang alabok niya ay azufre,
at ang lupain niya ay magiging nagniningas na sahing. 10
Hindi mapapatay sa gabi o sa araw man; ang usok niyaon
ay iilanglang magpakailan man: sa buong panahon ay
malalagay na sira; walang daraan doon magpakailankailan
man. 11 Kundi aariin ng ibong pelikano at ng hayop na
erizo; at ang kuwago at ang uwak ay magsisitahan doon: at
kaniyang iuunat doon ang panukat na pising panglito, at ang
pabatong pangpawala ng tao. 12 Kanilang tatawagin ang
mga mahal na tao niyaon sa kaharian, nguni't mawawalan
doon; at lahat niyang mga pangulo ay magiging parang
wala. 13 At mga tinikan ay tutubo sa kaniyang mga palacio,
mga kilitis at mga lipay ay sa mga kuta niyaon: at magiging
tahanan ng mga chakal, looban ng mga avestruz. 14 At
ang mga mailap na hayop sa ilang ay makikipagsalubong
doon sa mga lobo, at ang lalaking kambing ay hihiyaw sa
kaniyang kasama; oo, ang malaking kuwago ay tatahan
doon, at makakasumpong siya ng dakong pahingahan. 15
Doon maglulungga ang maliksing ahas, at mangingitlog,
at mangapipisa, at aampunin sa ilalim ng kaniyang lilim;
oo, doon magpipisan ang mga lawin, bawa't isa'y kasama
ng kaniyang kasamahan. 16 Inyong saliksikin sa aklat ng
Panginoon, at inyong basahin: kahit isa sa mga ito ay
hindi magkukulang, walang mangangailangan ng kaniyang
kasama; sapagka't iniutos ng aking bibig, at pinisan sila
ng kaniyang Espiritu. 17 At kaniyang pinagsapalaran, at
binahagi ng kaniyang kamay sa kanila sa pamamagitan ng
pising panukat: kanilang aariin magpakailan man, sa sali't
saling lahi ay tatahan sila roon.

**35** Ang ilang at ang tuyong lupa ay sasaya; at ang ilang
ay magagalak, at mamumulaklak na gaya ng rosa.
2 Mamumulaklak ng sagana, at magagalak ng kagalakan
at awitan; ang kaluwalhatian ng Libano ay mapaparoon,
ang karilagan ng Carmel at ng Saron: kanilang makikita ang
kaluwalhatian ng Panginoon, ang karilagan ng ating Dios. 3
Inyong palakasin ang mga mahinang kamay, at patatagin
ang mga mahinang tuhod. 4 Inyong sabihin sa kanila
na matatakuting puso, Kayo'y mangagpakatapang, huwag
kayong mangatakot: narito, ang inyong Dios ay pariritong
may panghihiganti, may kagantihan ng Dios; siya'y paririto at
ililigtas kayo. 5 Kung magkagayo'y madidilat ang mga mata
ng bulag, at ang mga pakinig ng bingi ay mabubuksan. 6
Kung magkagayo'y lulukso ang pilay na parang usa, at ang
dila ng pipi ay aawit: sapagka't sa ilang ay bubukal ang tubig,
at magkakailog sa ilang. 7 At ang buhanginang kumikislap

ay magiging lawa, at ang uhaw na lupa ay mga bukal ng
tubig; sa tahanan ng mga chakal, na kanilang hinihiligan,
magkakaroon ng damo pati ng mga tambo at mga yantok.
8 At magkakaroon doon ng isang lansangan, at ng isang
daan, at tatawagin Ang daan ng kabanalan; ang marumi ay
hindi daraan doon; kundi magiging sa kaniyang bayan: ang
mga palalakad na tao, oo, maging ang mga mangmang, ay
hindi mangaliligaw roon. 9 Hindi magkakaroon ng leon doon,
o sasampa man doon ang anomang mabangis na hayop,
hindi mangasusumpungan doon; kundi ang nangatubos ay
lalakad doon. 10 At ang pinagtutubos ng Panginoon ay
mangagbabalik, at magsisiparoong nagaawitan sa Sion; at
walang hanggang kagalakan ay mapapasa kanilang mga
ulo: sila'y mangagtatamo ng kasayahan at kagalakan, at ang
kapanglawan at ang pagbubuntong-hininga ay mapaparam.

**36** Nangyari nga nang ikalabing apat na taon ng haring
Ezechias, na umahon si Sennacherib na hari sa
Asiria laban sa lahat na bayang nakukutaan ng Juda, at
pinagsakop. 2 At sinugo ng hari sa Asiria si Rabsaces sa
Jerusalem mula sa Lachis sa haring Ezechias, na may
malaking hukbo. At siya'y tumayo sa tabi ng padaluyan ng
tubig ng lalong mataas na tipunan ng tubig sa lansangan
ng parang ng tagapagpaputi. 3 Nang magkagayo'y nilabas
siya ni Eliacim na anak ni Hilcias, na katiwala sa bahay,
at ni Sebna na kalihim, at ni Joah na anak ni Asaph na
kasangguni. 4 At sinabi ni Rabsaces sa kanila, Sabihin ninyo
ngayon kay Ezechias, Ganito ang sabi ng dakilang hari, ng
hari sa Asiria, Anong pagasa itong iyong tinitiwalaan? 5 Aking
sinasabing ang iyong payo at kalakasan sa pakikidigma ay
mga salita lamang na walang kabuluhan: ngayo'y kanino
ka tumitiwala na ikaw ay nanghimagsik laban sa akin? 6
Narito, ikaw ay tumitiwala sa tungkod na ito na tambong
lapok, sa makatuwid baga'y sa Egipto, na kung ang sinoman
ay sumandal, ay bubutas sa kaniyang kamay, at tatasakan:
nagiging gayon si Faraong hari sa Egipto sa lahat na
nagsisitiwala sa kaniya. 7 Nguni't kung iyong sabihin sa
akin, Kami ay nagsisitiwala sa Panginoon naming Dios:
hindi baga siya'y yaong inalisan ni Ezechias ng mga mataas
na dako at ng mga dambana, at nagsabi sa Juda at sa
Jerusalem, Kayo'y magsisisamba sa harap ng dambanang
ito? 8 Ngayon nga isinasamo ko sa iyo, na magbigay ka
ng mga sanla sa aking panginoon na hari sa Asiria, at
bibigyan kita ng dalawang libong kabayo, kung ikaw ay
makapaglalagay sa ganang iyo ng mga mananakay sa mga
yaon. 9 Paano ngang iyong mapapipihit ang mukha ng isang
kapitan sa pinakamababa sa mga alipin ng aking panginoon,
at ilalagak mo ang iyong tiwala sa Egipto dahil sa mga karo
at dahil sa mga mangangabayo? 10 At ako baga'y umahon
na di ko kasama ang Panginoon laban sa lupaing ito upang
lipulin? Sinabi ng Panginoon sa akin, Ikaw ay umahon laban
sa lupaing ito, at iyong lipulin. 11 Nang magkagayo'y sinabi
ni Eliacim, at ni Sebna at ni Joah kay Rabsaces, Isinasamo
ko sa iyo na ikaw ay magsalita sa iyong mga lingkod sa
wikang Siria: sapagka't aming naiintindihan: at huwag kang
magsalita sa amin sa wikang Judio, sa mga pakinig ng
bayan na nasa kuta. 12 Nguni't sinabi ni Rabsaces, Sinugo
baga ako ng aking panginoon sa iyong panginoon, at sa
iyo, upang magsalita ng mga salitang ito? di baga niya
ako sinugo sa mga lalake na nangakaupo sa kuta, upang
kumain ng kanilang sariling dumi, at upang uminom ng
kanilang tubig na kasama ninyo? 13 Nang magkagayo'y
tumayo si Rabsaces, at humiyaw ng malakas na tinig sa
wikang Judio, at nagsabi: Dinggin ninyo ang mga salita ng
dakilang hari, ng hari sa Asiria. 14 Ganito ang sabi ng hari,
Huwag kayong padaya kay Ezechias; sapagka't hindi niya
maililigtas kayo: 15 O patiwalain man kayo ni Ezechias sa
Panginoon, na sabihin: Walang pagsalang ililigtas tayo ng
Panginoon; ang bayang ito ay hindi mapapasa kamay ng hari
sa Asiria. 16 Huwag ninyong dinggin si Ezechias: sapagka't
ganito ang sabi ng hari sa Asiria, Makipagpayapaan kayo
sa akin, at labasin ninyo ako; at kumain ang bawa't isa
sa inyo sa kaniyang puno ng ubas, at ang bawa't isa sa
kaniyang puno ng igos, at inumin ng bawa't isa sa inyo ang
tubig ng kaniyang sariling balon: 17 Hanggang sa ako'y
dumating at dalhin ko kayo sa isang lupaing gaya ng inyong
sariling lupain, na lupain ng trigo at ng alak, na lupain ng
tinapay at ng mga ubasan. 18 Huwag kayong pahikayat kay
Ezechias, na sabihin, Ililigtas tayo ng Panginoon. Nagligtas
baga ang sinoman sa mga dios ng mga bansa ng kaniyang
lupain sa kamay ng hari sa Asiria? 19 Saan nandoon ang
mga dios ng Hamath at ng Arphad? saan nandoon ang
mga dios ng Sephar-vaim? iniligtas baga nila ang Samaria
sa aking kamay? 20 Sino sa kanila sa lahat na dios ng
mga lupaing ito, ang nagligtas ng kanilang lupain sa aking
kamay, na ililigtas ng Panginoon ang Jerusalem sa aking
kamay? 21 Nguni't sila'y nagsitahimik, at hindi nagsisagot
sa kaniya ng kahit isang salita: sapagka't iniutos nga ng
hari na sinasabi, Huwag ninyong sagutin siya. 22 Nang
magkagayo'y naparoon si Eliacim na anak ni Hilcias, na
siyang tagapamahala sa bahay, at si Sebna na kalihim at si
Joah na anak ni Asaph na kasangguni, kay Ezechias na ang
kanilang suot ay hapak, at isinaysay sa kaniya ang mga
salita ni Rabsaces.

**37** At nangyari, nang marinig ng haring Ezechias ay
hinapak niya ang kaniyang mga suot, at nagbalot ng
kayong magaspang, at pumasok sa bahay ng Panginoon. 2
At kaniyang sinugo si Eliacim, na katiwala sa bahay, at si
Sebna na kalihim, at ang mga matanda sa mga saserdote,

na may balot na kayong magaspang, kay Isaias na propeta
na anak ni Amoz. 3 At sinabi nila sa kaniya, Ganito ang sabi
ni Ezechias, Ang araw na ito ay kaarawan ng kabagabagan,
at ng pagsaway, at ng paghamak: sapagka't ang mga
anak ay dumating sa kapanganakan, at walang kalakasang
ipanganak. 4 Marahil ay pakikinggan ng Panginoon mong
Dios ang mga salita ni Rabsaces, na siyang sinugo ng
kaniyang panginoon na hari sa Asiria upang tungayawin ang
buhay na Dios, at sansalain ang mga salita na narinig ng
Panginoon mong Dios: kaya't ilakas mo ang iyong dalangin
dahil sa nalabi na naiwan. 5 Sa gayo'y ang mga lingkod ng
haring Ezechias ay naparoon kay Isaias. 6 At sinabi ni Isaias
sa kanila, Ganito ang inyong sasabihin sa inyong panginoon,
Ganito ang sabi ng Panginoon, Huwag kang matakot sa
mga salita na iyong narinig, na ipinanungayaw sa akin ng
mga lingkod ng hari sa Asiria. 7 Narito, ako'y maglalagay
ng espiritu sa kaniya, at siya'y makakarinig ng kaingay, at
babalik sa kaniyang sariling lupain; at aking ipabubuwal
siya sa pamamagitan ng tabak sa kaniyang sariling lupain.
8 Sa gayo'y bumalik si Rabsaces, at nasumpungan ang
hari sa Asiria na nakikipagdigma laban sa Libna: sapagka't
nabalitaan niya na kaniyang nilisan ang Lachis. 9 At
kaniyang narinig na sinabi tungkol kay Tirhakah na hari
sa Etiopia, Siya'y lumabas upang makipaglaban sa iyo.
At nang kaniyang marinig, siya'y nagsugo ng mga sugo
kay Ezechias, na sinasabi, 10 Ganito ang inyong sasalitain
kay Ezechias na hari sa Juda, na sasabihin, Huwag kang
padaya sa iyong Dios na iyong tinitiwalaan, na sabihin, Ang
Jerusalem ay hindi mapapasa kamay ng hari sa Asiria. 11
Narito nabalitaan mo kung ano ang ginawa ng mga hari
sa Asiria sa lahat ng lupain, na yao'y sinira ng lubos: at
maliligtas ka baga? 12 Iniligtas baga sila ng mga dios ng mga
bansa, na siyang nilipol ng aking mga magulang, gaya ng
Gozan, ng Haran; at ng Rezeph, at ng mga anak ni Eden, na
nangasa Thelasar? 13 Saan nandoon ang hari sa Hamath, at
ang hari sa Arphad, at ang hari ng bayan ng Sepharvaim, ng
Henah, at ng Hivah? 14 At tinanggap ni Ezechias ang sulat
sa kamay ng mga sugo, at binasa: at umahon si Ezechias
sa bahay ng Panginoon, at binuklat sa harap ng Panginoon.
15 At si Ezechias ay dumalangin sa Panginoon, na kaniyang
sinabi, 16 Oh Panginoon ng mga hukbo, na Dios ng Israel,
na nakaupo sa mga kerubin, ikaw ang Dios, ikaw lamang,
sa lahat ng kaharian sa lupa; ikaw ang gumawa ng langit
at lupa. 17 Ikiling mo ang iyong pakinig, Oh Panginoon, at
iyong dinggin; idilat mo ang iyong mga mata, Oh Panginoon,
at tumingin ka; at pakinggan mo ang lahat na salita ni
Sennacherib, na kaniyang ipinasabi upang ipanungayaw
sa buhay na Dios. 18 Sa katotohanan, Panginoon, ang
lahat na bansa ay sinira ng mga hari sa Asiria at ang
kanikanilang lupain. 19 At inihagis ang kanikanilang mga
dios sa apoy: sapagka't sila'y hindi mga dios, kundi mga
gawa ng mga kamay ng mga tao, kahoy at bato; kaya't
kanilang sinira. 20 Ngayon nga, Oh Panginoon naming Dios,
iligtas mo kami sa kaniyang kamay, upang makilala ng lahat
na kaharian sa lupa, na ikaw ang Panginoon, ikaw lamang.
21 Nang magkagayo'y nagsugo si Isaias na anak ni Amoz
kay Ezechias, na nagsasabi, Ganito ang sabi ng Panginoon,
ng Dios ng Israel, Yamang ikaw ay dumalangin sa akin
laban kay Sennacherib na hari sa Asiria. 22 Ito ang salita
na sinalita ng Panginoon tungkol sa kaniya: Hinamak ka
ng anak na dalaga ng Sion, at tinawanan kang mainam;
iginalaw ng anak na babae ng Jerusalem ang kaniyang ulo
sa iyo. 23 Sino ang iyong pinulaan at tinungayaw? at laban
kanino itinaas mo ang iyong tinig at ipinandilat mo ang iyong
mga mata ng mataas? laban nga sa Banal ng Israel. 24
Sa pamamagitan ng iyong mga lingkod ay iyong pinulaan
ang Panginoon, at nagsabi ka, Sa karamihan ng aking mga
karo ay nakaahon ako sa kataasan ng mga bundok, sa
mga kaloobloobang bahagi ng Libano; at aking puputulin
ang mga matayog na cedro niyaon, at ang mga piling
puno ng abeto niyaon: at ako'y papasok sa pinakataluktok
na kataasan, ng gubat ng kaniyang mabuting bukid. 25
Ako'y humukay at uminom ng tubig, at aking tutuyuin ng
talampakan ng aking mga paa ang lahat ng mga ilog ng
Egipto. 26 Hindi mo baga nabalitaan kung paanong aking
ginawa na malaon na, at aking pinanukala ng una? ngayo'y
aking pinapangyari, upang iyong sirain ang mga bayang
nakukutaan na magiging mga guhong bunton. 27 Kaya't ang
kanilang mga mananahan ay may munting kapangyarihan,
sila'y nanganglupaypay at nangatulig; sila'y parang damo
sa bukid, at sariwang gugulayin, parang damo sa mga
bubungan, at parang bukid ng trigo bago tumaas. 28 Nguni't
talastas ko ang iyong pagupo, at ang iyong paglabas, at ang
iyong pagpasok, at ang iyong galit laban sa akin. 29 Dahil sa
iyong galit laban sa akin, at dahil sa iyong kapalaluan ay
nanuot sa aking mga pakinig, kaya't ilalagay ko ang aking
taga ng bingwit sa iyong ilong, at ang aking paningkaw
sa iyong mga labi, at pababalikin kita sa daan na iyong
pinanggalingan. 30 At ito ang magiging tanda sa iyo: kayo'y
magsisikain sa taong ito ng tumutubo sa kaniyang sarili,
at sa ikalawang taon ay ng tumubo doon; at sa ikatlong
taon ay kayo'y mangaghasik, at magsiani, at mangagtanim
ng mga ubasan, at kumain ng bunga niyaon. 31 At ang
nalabi na nakatanan sa sangbahayan ni Juda ay maguugat
uli sa ilalim, at magbubunga sa itaas. 32 Sapagka't sa
Jerusalem ay lalabas ang nalabi, at mula sa bundok ng Sion
ay silang magtatanan. Isasagawa ito ng sikap ng Panginoon
ng mga hukbo. 33 Kaya't ganito ang sabi ng Panginoon

tungkol sa hari sa Asiria, Siya'y hindi paririto sa bayang
ito o magpapahilagpos man ng pana diyan, o haharap
man siya diyan na may kalasag, o mahahagis ang bunton
laban diyan. 34 Sa daan na kaniyang pinanggalingan, doon
din siya babalik, at hindi siya paririto sa bayang ito, sabi
ng Panginoon. 35 Sapagka't aking ipagsasanggalang ang
bayang ito upang iligtas, dahil sa akin, at dahil sa aking
lingkod na si David. 36 At ang anghel ng Panginoon ay
lumabas, at nanakit sa kampamento ng mga taga Asiria
nang isang daan at walongpu't limang libo: at nang ang
mga tao ay magsibangong maaga sa kinaumagahan, narito,
ang lahat ay mga katawang bangkay. 37 Sa gayo'y umalis
si Sennacherib na hari sa Asiria, at yumaon at umuwi, at
tumahan sa Ninive, 38 At nangyari, nang siya'y sumasamba
sa bahay ni Nisroch na kaniyang dios, na sinugatan siya ng
tabak ni Adremelech at ni Sarezer na kaniyang mga anak
at sila'y nagtanan sa lupain ng Ararat. At si Esarhadon na
kaniyang anak ay naghari na kahalili niya.

**38** Nang mga araw na yaon ay may sakit na ikamamatay
si Ezechias. At si Isaias na propeta na anak ni Amoz
ay naparoon sa kaniya, at nagsabi sa kaniya, Ganito ang
sabi ng Panginoon, Ayusin mo ang iyong sangbahayan;
sapagka't ikaw ay mamamatay, at hindi mabubuhay. 2
Nang magkagayo'y ipinihit ni Ezechias ang kaniyang mukha
sa panig, at nanalangin sa Panginoon, 3 At nagsabi,
Idinadalangin ko sa iyo; Oh Panginoon, na iyong alalahanin,
kung paanong ako'y lumakad sa harap mo sa katotohanan,
at may dalisay na puso, at gumawa ng mabuti sa iyong
paningin. At si Ezechias ay umiyak ng di kawasa. 4 Nang
magkagayo'y dumating ang salita ng Panginoon kay Isaias,
na nagsasabi, 5 Ikaw ay yumaon, at sabihin mo kay
Ezechias, Ganito ang sabi ng Panginoon, ng Dios ni David na
iyong magulang, Aking dininig ang iyong panalangin, aking
nakita ang iyong mga luha: narito, aking idaragdag sa iyong
mga kaarawan ang labing limang taon. 6 At aking ililigtas
ikaw at ang bayang ito sa kamay ng hari sa Asiria: at aking
ipagsasanggalang ang bayang ito. 7 At ito ang magiging
pinaka tanda sa iyo na mula sa Panginoon, na gagawin ng
Panginoon ang bagay na ito na kaniyang sinalita, 8 Narito,
aking ipauurong ang anino sa mga baytang, ng sangpung
baytang, na aninong pinababa sa mga baytang ni Ahaz sa
pamamagitan ng araw, Sa gayo'y umurong ang araw ng
sangpung baytang sa mga baytang na binabaan. 9 Ang
sulat ni Ezechias na hari sa Juda, nang siya'y magkasakit, at
gumaling sa kaniyang sakit. 10 Aking sinabi, Sa katanghalian
ng aking mga kaarawan ay papasok ako sa mga pintuan
ng Sheol: Ako'y nabawahan sa nalalabi ng aking mga
taon. **(Sheol h7585)** 11 Aking sinabi, hindi ko makikita ang
Panginoon, ang Panginoon sa lupain ng buhay: Hindi ko
na makikita pa ang tao, na kasama ng mga nananahan
sa sanglibutan. 12 Ang tirahan ko'y inaalis, at dinadala
na gaya ng tolda ng pastor: Aking pinupulon ang aking
buhay, na gaya ng pagpupulon ng manghahabi; kaniyang
ihihiwalay ako sa habihan: Mula sa araw hanggang sa
kinagabihan ay tatapusin mo ako. 13 Ako'y tumigil hanggang
sa kinaumagahan; katulad ng leon, gayon niya binabali ang
lahat kong mga buto: Mula sa araw hanggang sa kinagabihan
ay tatapusin mo ako. 14 Gaya ng langaylangayan o ng tagak,
humihibik ako; Ako'y tumangis na parang kalapati: ang aking
mga mata ay nangangalumata sa pagtingala; Oh Panginoon,
ako'y napipighati, ikaw nawa'y maging tangulan sa akin. 15
Anong aking sasabihin? siya'y nagsalita sa akin, at kaniya
namang ginawa: Ako'y yayaong marahan lahat kong taon,
dahil sa paghihirap ng aking kaluluwa. 16 Oh Panginoon,
sa pamamagitan ng mga bagay na ito, nabubuhay ang
mga tao; At buong nasa ilalim niyan ang buhay ng aking
diwa: Kaya't pagalingin mo ako, at ako'y iyong buhayin. 17
Narito, sa aking ikapapayapa ay nagtamo ako ng malaking
paghihirap: Nguni't ikaw, sa pagibig mo sa aking kaluluwa
ay iyong iniligtas sa hukay ng kabulukan; Sapagka't iyong
itinapon ang lahat ng aking mga kasalanan sa iyong likuran.
18 Sapagka't hindi ka maaring purihin ng Sheol, hindi ka
maaring ipagdiwang ng kamatayan! Silang nagsisibaba sa
hukay ay hindi makaaasa sa iyong katotohanan. **(Sheol h7585)**
19 Ang buhay, ang buhay, siya'y pupuri sa iyo, gaya ng
ginagawa ko sa araw na ito: Ang ama sa mga anak ay
magpapatalastas ng iyong katotohanan. 20 Ang Panginoon
ay handa upang iligtas ako: Kaya't aming aawitin ang aming
mga awit sa mga panugtog na kawad, Lahat ng kaarawan
ng aming buhay sa bahay ng Panginoon. 21 Sinabi nga ni
Isaias, Magsikuha sila ng isang binilong igos, at ilagay na
pinakatapal sa bukol, at siya'y gagaling. 22 Sinabi rin ni
Ezechias, Ano ang tanda na ako'y sasampa sa bahay ng
Panginoon?

**39** Nang panahong yaon si Merodachbaladan na anak
ni Baladan, na hari sa Babilonia, ay nagpadala ng mga
sulat at isang kaloob kay Ezechias: sapagka't nabalitaan
niya na siya'y nagkasakit, at gumaling. 2 At si Ezechias
ay natuwa sa kanila, at ipinakita sa kanila ang bahay ng
kaniyang mahalagang bagay, ang pilak, at ang ginto, at ang
mga especia, at ang mahalagang langis, at ang buong bahay
na kaniyang sakbatan, at lahat na nandoon sa kaniyang
mga kayamanan: walang bagay sa kaniyang bahay, o sa
buong sakop man niya, na hindi ipinakita ni Ezechias sa
kanila. 3 Nang magkagayo'y dumating si Isaias na propeta
sa haring Ezechias, at nagsabi sa kaniya, Anong sinabi ng
mga lalaking ito? at saan nanggaling na nagsiparito sila sa
iyo? At sinabi ni Ezechias, Sila'y nagsiparito sa akin mula sa

malayong lupain, sa Babilonia. 4 Nang magkagayo'y sinabi
niya, Anong kanilang nakita sa iyong bahay? At sumagot si
Ezechias, Lahat ng nangasa aking bahay ay kanilang nakita:
walang anomang bagay sa aking mga kayamanan na hindi
ko ipinakita sa kanila. 5 Nang magkagayo'y sinabi ni Isaias
kay Ezechias, Iyong pakinggan ang salita ng Panginoon ng
mga hukbo. 6 Narito, ang mga kaarawan ay dumarating, na
ang lahat na nangasa iyong bahay, at ang mga tinangkilik ng
iyong mga magulang hanggang sa kaarawang ito, dadalhin
sa Babilonia: walang maiiwan, sabi ng Panginoon. 7 At sa
iyong mga anak na magmumula sa iyo, na ipanganganak sa
iyo, ay kanilang dadalhin; at sila'y magiging mga bating sa
bahay ng hari sa Babilonia. 8 Nang magkagayo'y sinabi
ni Ezechias kay Isaias, Mabuti ang salita ng Panginoon
na iyong sinalita. Kaniyang sinabi bukod dito, Sapagka't
magkakaroon ng kapayapaan at katotohanan sa aking mga
kaarawan.

**40** Inyong aliwin, inyong aliwin ang aking bayan, sabi
ng inyong Dios. 2 Mangagsalita kayong may pagaliw
sa Jerusalem; at sigawan ninyo siya, na ang kaniyang
pakikipagdigma ay naganap, na ang kaniyang kasamaan
ay ipinatawad, sapagka't siya'y tumanggap sa kamay ng
Panginoon ng ibayong ukol sa kaniyang lahat na kasalanan.
3 Ang tinig ng isang sumisigaw, Ihanda ninyo sa ilang ang
daan ng Panginoon pantayin ninyo sa ilang ang lansangan
para sa ating Dios. 4 Bawa't libis ay mataas, at bawa't
bundok at burol ay mabababa; at ang mga bakobako ay
matutuwid, at ang mga hindi pantay na dako ay mapapatag:
5 At ang kaluwalhatian ng Panginoon ay mahahayag, at
makikitang magkakasama ng lahat na tao, sapagka't sinalita
ng bibig ng Panginoon, 6 Ang tinig ng isang nagsasabi, Ikaw
ay dumaing. At sinabi ng isa, Ano ang aking idadaing? Lahat
ng laman ay damo, at ang buong kagandahan niyaon ay
parang bulaklak ng parang. 7 Ang damo ay natutuyo, at ang
bulaklak ay nalalanta, sapagka't ang hinga ng Panginoon
ay humihihip doon; tunay na ang bayan ay damo. 8 Ang
damo ay natutuyo, ang bulaklak ay nalalanta; nguni't ang
salita ng ating Dios ay mamamalagi magpakailan man. 9
Oh ikaw na nagsasabi ng mga mabuting balita sa Sion,
sumampa ka sa mataas na bundok; Oh ikaw na nagsasabi
ng mga mabuting balita sa Jerusalem, ilakas mo ang iyong
tinig na may kalakasan; ilakas mo, huwag kang matakot;
sabihin mo sa mga bayan ng Juda, Tingnan ang inyong
Dios! 10 Narito, ang Panginoong Dios ay darating na gaya ng
makapangyarihan, at ang kaniyang kamay ay magpupuno
sa ganang kaniya: Narito, ang kaniyang ganting pala ay
dala niya, at ang kaniyang ganti ay nasa harap niya. 11
Kaniyang papastulin ang kaniyang kawan, na gaya ng pastor,
kaniyang pipisanin ang mga kordero sa kaniyang kamay, at
dadalhin sila sa kaniyang sinapupunan, at papatnubayan na
marahan yaong mga nagpapasuso. 12 Sino ang tumakal
ng tubig sa palad ng kaniyang kamay, at sumukat sa langit
ng dangkal, at nagsilid ng alabok ng lupa sa isang takal,
at tumimbang ng mga bundok sa mga panimbang, at ng
mga burol sa timbangan? 13 Sinong pumatnubay ng Espiritu
ng Panginoon, o parang kaniyang kasangguni ay nagturo
sa kaniya? 14 Kanino siya kumuhang payo, at sinong
nagsaysay sa kaniya, at nagturo sa kaniya sa landas ng
kahatulan, at nagturo sa kaniya ng kaalaman, at nagpakilala
sa kaniya ng daan ng unawa? 15 Narito, ang mga bansa
ay parang isang patak ng tubig sa timba, inaari na parang
munting alabok sa timbangan: narito, kaniyang itinataas
ang mga pulo na parang napakaliit na bagay. 16 At ang
Libano ay hindi sukat upang sunugin, ni ang mga hayop
niyaon ay sukat na pinakahandog na susunugin. 17 Lahat
ng mga bansa ay parang walang anoman sa harap niya;
nangabilang sa kaniya na kulang kay sa wala, at walang
kabuluhan. 18 Kanino nga ninyo itutulad ang Dios? o anong
wangis ang iwawangis ninyo sa kaniya? 19 Ang larawang
inanyuan na binubo ng mangbububo, at binabalot ng ginto
ng platero, at binubuan ng mga pilak na kuwintas. 20 Siyang
napakadukha sa gayong alay ay pumipili ng isang punong
kahoy na hindi malalapok; siya'y humahanap sa ganang
kaniya ng isang bihasang manggagawa upang ihandang
larawang inanyuan, na hindi makikilos. 21 Hindi ba ninyo
naalaman? hindi ba ninyo narinig? hindi ba nasaysay sa inyo
mula ng una? hindi ba nasaysay sa inyo bago nalagay ang
mga patibayan ng lupa? 22 Siya ang nakaupo sa balantok ng
lupa, at ang mga nananahan doon ay parang mga balang;
siyang naglaladlad ng langit na parang tabing, at inilaladlad
na parang tolda upang tahanan; 23 Na iniuuwi sa wala ang
mga pangulo; siyang umaaring tila walang kabuluhan sa
mga hukom sa lupa. 24 Oo, sila'y hindi nangatanim; oo,
sila'y hindi nangahasik; oo, ang kanilang puno ay hindi
nagugat sa lupa: bukod dito'y humihihip siya sa kanila, at
sila'y nangatutuyo, at tinatangay sila ng ipoipo na gaya ng
dayami. 25 Kanino nga ninyo itutulad ako, upang makaparis
ako niya? sabi ng Banal. 26 Itingin ninyo ang inyong mga
mata sa itaas, at tingnan ninyo kung sinong lumikha ng mga
ito, na tinutuos ang kanilang hukbo ayon sa bilang; tinatawag
niya sila sa pangalan; sa pamamagitan ng kadakilaan ng
kaniyang kapangyarihan, at dahil sa siya'y malakas sa
kapangyarihan ay walang nagkukulang. 27 Bakit sinasabi
mo, Oh Jacob, at sinasalita mo, Oh Israel, Ang daan ko
ay lingid sa Panginoon, at nilalagpasan ng aking Dios
ang kahatulan ko? 28 Hindi mo baga naalaman? hindi mo
baga narinig? ang walang hanggang Dios, ang Panginoon,
ang Maylalang ng mga wakas ng lupa, hindi nanlalata, o

napapagod man; walang makatarok ng kaniyang unawa.
29 Siya'y nagbibigay ng lakas sa mahina; at ang walang
kapangyarihan ay pinananagana niya sa kalakasan. 30 Pati
ng mga kabinataan ay manlalata at mapapagod, at ang
mga binata ay lubos na mangabubuwal: 31 Nguni't silang
nangaghihintay sa Panginoon ay mangagbabagong lakas;
sila'y paiilanglang na may mga pakpak na parang mga
aguila; sila'y magsisitakbo, at hindi mangapapagod; sila'y
magsisilakad, at hindi manganghihina.

41 Magsitahimik kayo sa harap ko, Oh mga pulo; at
mangagbagong lakas ang mga bayan: magsilapit sila;
saka mangagsalita sila; tayo'y magsilapit na magkakasama
sa kahatulan. 2 Sinong nagbangon ng isa na mula sa
silanganan, na kaniyang tinawag sa katuwiran sa kaniyang
paanan? siya'y nagbigay ng mga bansa sa harap niya, at
pinagpuno niya siya sa mga hari; kaniyang ibinibigay sila
na parang alabok sa kaniyang tabak, na parang pinaspas
na dayami sa kaniyang busog. 3 Kaniyang hinahabol sila,
at nagpatuloy na tiwasay, sa makatuwid baga'y sa daan
na hindi niya dinaanan ng kaniyang mga paa. 4 Sinong
gumawa at yumari, na tumawag ng mga sali't saling lahi
mula ng una? Akong Panginoon, ang una, at kasama ng
huli, ako nga, 5 Nakita ng mga pulo, at nangatakot; ang
mga wakas ng lupa ay nagsipanginig: sila'y nagsilapit, at
nagsiparito. 6 Sila'y tumutulong bawa't isa sa kaniyang
kapuwa; at bawa't isa'y nagsasabi sa kaniyang kapatid,
Ikaw ay magpakatapang. 7 Sa gayo'y pinalalakas ang
loob ng anluwagi ang panday-ginto, at ng pumapatag ng
pamukpok ang pumupukpok ng palihan, na sinasabi tungkol
sa paghinang, Mabuti, at kaniyang inilalapat ng mga pako,
upang huwag makilos. 8 Nguni't ikaw, Israel, lingkod ko,
Jacob na siyang aking pinili, na binhi ni Abraham na aking
kaibigan; 9 Ikaw na aking hinawakan mula sa mga wakas
ng lupa, at tinawag kita mula sa mga sulok niyaon, at
pinagsabihan kita, Ikaw ay aking lingkod, aking pinili ka
at hindi kita itinakuwil; 10 Huwag kang matakot, sapagka't
ako'y sumasaiyo; huwag kang manglupaypay, sapagka't
ako'y iyong Dios; aking palalakasin ka; oo, aking tutulungan
ka; oo, aking aalalayan ka ng kanang kamay ng aking
katuwiran. 11 Narito, silang lahat na nangagagalit sa iyo ay
mangapapahiya at mangalilito: silang nangakikipaglaban sa
iyo ay papanaw at mangapapahamak. 12 Iyong hahanapin
sila, at hindi mo mangasusumpungan, sa makatuwid baga'y
silang nangakikipaglaban sa iyo: silang nakikipagdigma laban
sa iyo ay papanaw, at gaya ng bagay ng wala. 13 Sapagka't
akong Panginoon mong Dios, ay hahawak ng iyong kanang
kamay, na magsasabi sa iyo, Huwag kang matakot; aking
tutulungan ka. 14 Huwag kang matakot, ikaw na uod na
Jacob, at kayong mga tao ng Israel; aking tutulungan ka, sabi
ng Panginoon, at ang iyong Manunubos ay ang Banal ng
Israel. 15 Narito, aking ginawa kang bagong kasangkapang
panggiik na matalas na may mga ngipin; iyong gigiikin ang
mga bundok, at didikdiking durog, at iyong gagawin ang mga
burol na parang ipa. 16 Iyong pahahanginan, at tatangayin
ng hangin, at pangangalatin ng ipoipo: at ikaw ay magagalak
sa Panginoon, ikaw ay luwalhati sa Banal ng Israel. 17
Ang dukha at mapagkailangan ay humahanap ng tubig, at
wala, at ang kanilang dila ay natutuyo dahil sa uhaw; akong
Panginoon ay sasagot sa kanila, akong Dios ng Israel ay
hindi magpapabaya sa kanila. 18 Ako'y magbubukas ng mga
ilog sa mga luwal na kaitaasan, at mga bukal sa gitna ng
mga libis: aking gagawin ang ilang na lawa ng tubig, at ang
tuyong lupain ay mga bukal ng tubig. 19 Aking itatanim sa
ilang ang cedro, ang puno ng acacia, at ang arayan, at ang
olivo; aking ilalagay sa ilang ang puno ng abeto, at ang pino,
at ang boj na magkakasama: 20 Upang sila'y makakita at
makaalam, at makagunita, at makatalos na magkakasama,
na ginawa ito ng kamay ng Panginoon, at nilikha ng Banal ng
Israel. 21 Iharap ninyo ang inyong usap, sabi ng Panginoon;
inyong ilabas ang inyong mga matibay sa pagmamatuwid,
sabi ng Hari ng Jacob. 22 Ilabas nila, at ipahayag sa amin
kung anong mangyayari: ipahayag ninyo ang mga dating
bagay, maging anoman ang mga yaon, upang aming mabatid
at maalaman ang huling wakas nila: o pagpakitaan ninyo
kami ng mga bagay na darating. 23 Inyong ipahayag ang
mga bagay na darating pagkatapos, upang aming maalaman
na kayo'y mga dios; oo, kayo'y magsigawa ng mabuti, o
magsigawa ng kasamaan, upang kami ay mangawalan ng
loob, at mamasdan naming magkakasama. 24 Narito, kayo'y
sa wala, at ang inyong gawa ay sa wala: kasuklamsuklam
siya na pumili sa inyo. 25 May ibinangon ako mula sa
hilagaan, at siya'y dumating; mula sa sikatan ng araw ay
tumatawag siya sa aking pangalan: at siya'y paroroon sa
mga pinuno na parang cimiento, at para ng magpapalyok na
yumuyurak ng putik na malagkit. 26 Sinong nagpahayag
noon mula nang pasimula upang aming maalaman? at nang
una, upang aming masabi, Siya'y matuwid? oo, walang
magpahayag, oo, walang magpakita, oo, walang duminig
ng inyong mga salita. 27 Ako'y unang magsasabi sa Sion,
Narito, narito sila; at ako'y magbibigay sa Jerusalem ng isa
na nagdadala ng mga mabuting balita. 28 At pagka ako'y
tumitingin, walang tao; sa gitna nila ay walang tagapayo,
na makasagot ng isang salita, pagka ako'y tumatanong sa
kanila. 29 Narito, silang lahat, ang kanilang mga gawa ay
walang kabuluhan at walang anoman ang kanilang mga
larawang binubo ay hangin at kalituhan.

42 Narito, ang aking lingkod, na aking inaalalayan; ang
aking hinirang, na kinalulugdan ng aking kaluluwa;

isinakaniya ko ang aking Espiritu; siya'y maglalapat ng
kahatulan sa mga bansa. 2 Siya'y hindi hihiyaw, o maglalakas
man ng tinig, o iparirinig man ang kaniyang tinig sa lansangan.
3 Ang gapok na tambo ay hindi niya babaliin, ni ang timsim
na umuusok ay hindi niya papatayin: siya'y maglalapat ng
kahatulan sa katotohanan. 4 Siya'y hindi manglulupaypay o
maduduwag man, hanggang sa maitatag niya ang kahatulan
sa lupa; at ang mga pulo ay maghihintay sa kaniyang
kautusan. 5 Ganito ang sabi ng Dios na Panginoon, na
lumikha ng langit, at nagladlad ng mga yaon; siyang naglatag
ng lupa at ng nagsisilitaw rito; siyang nagbibigay ng hinga sa
bayang nito, at ng diwa sa kanila na nagsisilakad dito: 6
Ako, ang Panginoon, ay tumawag sa iyo sa katuwiran, at
hahawak ng iyong kamay, at magiingat sa iyo, at ibibigay kita
na pinakatipan sa bayan, na pinakaliwanag sa mga bansa;
7 Upang magdilat ng mga bulag na mata, upang maglabas
ng mga bilanggo sa bilangguan, at nilang nangauupo sa
kadiliman mula sa bilangguan. 8 Ako ang Panginoon;
na siyang aking pangalan: at ang aking kaluwalhatian
ay hindi ko ibibigay sa iba, o ang akin mang kapurihan
sa mga larawang inanyuan. 9 Narito, ang mga dating
bagay ay nangyayari na, at ang mga bagong bagay ay
ipinahahayag ko: bago mangalitaw ay sinasaysay ko sa
inyo. 10 Magsiawit kayo sa Panginoon ng bagong awit,
at ng kapurihan niya na mula sa wakas ng lupa; kayong
nagsisibaba sa dagat, at ang buong nariyan, ang mga pulo,
at mga nananahan doon, 11 Mangaglakas ng kanilang
tinig ang ilang at ang mga bayan niyaon, ang mga nayon
na tinatahanan ng Cedar: magsiawit ang mga nananahan
sa Selah, magsihiyaw sila mula sa mga taluktok ng mga
bundok. 12 Mangagbigay luwalhati sila sa Panginoon, at
mangagpahayag ng kaniyang kapurihan sa mga pulo. 13
Ang Panginoon ay lalabas na parang makapangyarihang
lalake; siya'y pupukaw ng paninibugho na parang lalaking
mangdidigma: siya'y hihiyaw, oo, siya'y hihiyaw ng malakas;
siya'y gagawang makapangyarihan laban sa kaniyang mga
kaaway. 14 Ako'y tumahimik ng malaon; ako'y hindi kumibo,
at nagpigil ako: ngayo'y hihiyaw akong parang nagdaramdam
na babae; ako'y manggigiba at mananakmal na paminsan.
15 Aking gagawing giba ang mga bundok at mga burol, at
tutuyuin ko ang lahat nilang mga pananim; at gagawin kong
mga pulo ang mga ilog, at aking tutuyuin ang mga lawa. 16
At aking dadalhin ang bulag sa daan na hindi nila nalalaman;
sa mga landas na hindi nila nalalaman ay papatnubayan
ko sila; aking gagawing kadiliman ang liwanag sa harap
nila, at mga likong daan ang matuwid. Ang mga bagay na
ito ay aking gagawin, at hindi ko kalilimutan sila. 17 Sila'y
mangapapaurong, sila'y mangapapahiyang mainam, na
nagsisitiwala sa mga larawang inanyuan, na nangagsasabi
sa mga larawang binubo, Kayo'y aming mga dios. 18 Makinig
kayong mga bingi; at tumingin kayong mga bulag, upang
kayo'y mangakakita. 19 Sino ang bulag kundi ang aking
lingkod? o ang bingi, na gaya ng aking sugo na aking
sinusugo? sino ang bulag na gaya niya na nasa kapayapaan
sa akin, at bulag na gaya ng lingkod ng Panginoon? 20
Ikaw ay nakakakita ng maraming bagay, nguni't hindi mo
binubulay; ang kaniyang mga tainga ay bukas, nguni't hindi
niya dininig. 21 Kinalulugdan ng Panginoon dahil sa kaniyang
katuwiran, na dakilain ang kautusan, at gawing marangal. 22
Nguni't ito ay isang bayang nanakaw at nasamsam; silang
lahat ay nangasilo sa mga hukay, at sila'y nangakubli sa mga
bilangguan: sila'y pinaka huli at walang magligtas; pinaka
samsam, at walang magsabi, Iyong papanumbalikin. 23 Sino
sa gitna ninyo ang makikinig nito? na makikinig at didinig
para sa panahong darating? 24 Sino ang nagbigay ng Jacob
na pinaka samsam, at ng Israel sa mga magnanakaw? di
baga ang Panginoon? na laban sa kaniya ay nangagkasala
tayo, at sa mga daan niya ay hindi sila nagsilakad, o naging
masunurin man sila sa kaniyang kautusan. 25 Kaya't ibinugso
niya sa kaniya ang pusok ng kaniyang galit, at ang lakas ng
pakikipagbaka; at sinulsulan siya ng apoy sa palibot, gayon
ma'y hindi niya naalaman; at sinunog siya, gayon ma'y hindi
siya naglagak ng kalooban.

**43** Nguni't ngayo'y ganito ang sabi ng Panginoon na
lumalang sa iyo, Oh Jacob, at naganyo sa iyo, Oh
Israel, Ikaw ay huwag matakot, sapagka't tinubos kita;
tinawag kita sa iyong pangalan, ikaw ay akin. 2 Pagka
ikaw ay dumaraan sa tubig, ako'y sasaiyo; at sa mga ilog
ay hindi ka tatakpan niyaon: pagka ikaw ay lumalakad sa
apoy, hindi ka masusunog; o magniningas man ang alab
sa iyo. 3 Sapagka't ako ang Panginoon mong Dios, ang
Banal ng Israel, ang Tagapagligtas sa iyo; aking ibinigay na
pinakatubos sa iyo ang Egipto, ang Etiopia at ang Seba.
4 Yamang ikaw ay naging mahalaga sa aking paningin,
at kagalanggalang, at aking inibig ka; kaya't magbibigay
ako ng mga tao na pinakatubos sa iyo, at ng mga bayan
na pinakatubos sa iyong buhay. 5 Huwag kang matakot,
sapagka't ako'y sumasaiyo: aking dadalhin ang iyong lahi
mula sa silanganan, at pipisanin kita mula sa kalunuran; 6
Aking sasabihin sa hilagaan, Bayaan mo, at sa timugan,
Huwag mong pigilin; dalhin mo rito ang aking mga anak na
lalake na mula sa malayo, at ang aking mga anak na babae
na mula sa wakas ng lupa; 7 Bawa't tinatawag sa aking
pangalan, at yaong aking nilikha ay sa aking kaluwalhatian,
yaong aking inanyuan oo, yaong aking ginawa. 8 Iyong ilabas
ang bulag na bayan na may mga mata, at ang bingi may mga
tainga. 9 Mapisan ang lahat na bansa, at magpulong ang
mga bayan: sino sa gitna nila ang makapagpapahayag nito,

at makapagpapakita sa amin ng mga dating bagay? dalhin
nila ang kanilang mga saksi, upang sila'y mapatotohanan:
o dinggin nila, at magsabi, Katotohanan nga. **10** Kayo'y
aking mga saksi, sabi ng Panginoon, at aking lingkod na
aking pinili: upang inyong maalaman at magsisampalataya
kayo sa akin, at inyong matalastas na ako nga; walang
Dios na inanyuan na una sa akin, o magkakaroon man
pagkatapos ko. **11** Ako, sa makatuwid baga'y ako, ang
Panginoon; at liban sa akin ay walang tagapagligtas. **12**
Ako'y nagpahayag, at ako'y nagligtas, at ako'y nagpakilala,
at walang ibang dios sa gitna ninyo: kaya't kayo ang aking
mga saksi, sabi ng Panginoon, at ako ang Dios. **13** Oo,
mula nang magkaroon ng araw ay ako nga; at walang
sinomang makapagliligtas sa aking kamay: ako'y gagawa,
at sinong pipigil? **14** Ganito ang sabi ng Panginoon, na
inyong Manunubos, na Banal ng Israel, Dahil sa inyo ay
nagsugo ako sa Babilonia, at aking ibababa silang lahat
na parang mga palaboy, sa makatuwid baga'y ang mga
Caldeo, sa mga sasakyang dagat ng kaniyang kagalakan.
**15** Ako ang Panginoon, na inyong Banal, ang Maylalang ng
Israel, na inyong Hari. **16** Ganito ang sabi ng Panginoon, na
gumagawa ng daan sa dagat, ng landas sa mga malawak na
tubig; **17** Na pinalabas ang karo at kabayo, ang hukbo at ang
kapangyarihan (sila'y nangahihigang magkakasama, sila'y
hindi na magsisibangon; sila'y nangamamatay na parang
timsim): **18** Huwag ninyong alalahanin ang mga dating
bagay, o bulayin man ang mga bagay ng una. **19** Narito,
ako'y gagawa ng bagong bagay; ngayon yao'y lalabas; hindi
baga ninyo malalaman yaon? gagawa rin ako ng daan sa
lupang masukal, at mga ilog sa ilang. **20** Pararangalan
ako ng mga hayop sa parang, ng mga chakal at ng mga
avestruz: sapagka't ako'y nagbibigay ng tubig sa lupaing
masukal, at ng mga ilog sa ilang, upang painumin ang aking
bayan, na aking pinili, **21** Ang bayan, na aking inanyuan
para sa aking sarili, upang kanilang maihayag ang aking
kapurihan. **22** Gayon ma'y hindi ka tumawag sa akin, Oh
Jacob; kundi ikaw ay nayamot sa akin, Oh Israel. **23** Hindi
mo dinala sa akin ang mga tupa't kambing na iyong mga
pinakahandog na susunugin; o pinarangalan mo man ako ng
iyong mga hain. Hindi kita pinapaglingkod ng mga handog, o
niyamot man kita ng kamangyan. **24** Hindi mo ako ibinili ng
mabangong kalamo sa halaga ng salapi, o binusog mo man
ako ng taba ng iyong mga hain: kundi pinapaglingkod mo
ako ng iyong mga kasalanan, iyong niyamot ako ng iyong
mga kasamaan. **25** Ako, ako nga ay siyang pumapawi ng
iyong mga pagsalangsang alang-alang sa akin; at hindi ko
aalalahanin ang iyong mga kasalanan. **26** Ipaalaala mo ako;
tayo'y kapuwa magkatuwiranan: ilabas mo ang iyong usap,
upang ikaw ay mapatotohanan. **27** Ang iyong pangunang
ama ay nagkasala, at ang iyong mga tagapagpaaninaw ay
nagsisalangsang laban sa akin. **28** Kaya't aking dudumhan
ang mga pangulo ng santuario, at gagawin kong sumpa ang
Jacob, at isang kadustaan ang Israel.

## 44

Gayon ma'y dinggin mo ngayon, Oh Jacob na aking
lingkod, at Israel, na aking pinili: **2** Ganito ang sabi ng
Panginoon na lumalang sa iyo, at nagbigay anyo sa iyo mula
sa bahay-bata, na siyang tutulong sa iyo; Ikaw ay huwag
matakot, Oh Jacob na aking lingkod; at ikaw Jeshurun, na
aking pinili. **3** Sapagka't ipagbubuhos ko ng tubig siya na
uhaw, at ng mga bukal ang tuyong lupa; aking ibubuhos ang
aking Espiritu sa iyong lahi, at ang aking pagpapala sa iyong
suwi: **4** At sila'y sisibol sa gitna ng damo, gaya ng mga
sauce sa tabi ng mga batis. **5** Sasabihin ng isa, Ako'y sa
Panginoon; at magpapangalan ang iba ng pangalang Jacob;
at magsusulat ang iba ng kaniyang kamay ng sa Panginoon,
at magpapamagat ng pangalan ng Israel. **6** Ganito ang sabi
ng Panginoon, ng Hari ng Israel, at ng kaniyang Manunubos,
na Panginoon ng mga hukbo, Ako ang una, at ako ang huli;
at liban sa akin ay walang Dios. **7** At sino, na gaya ko,
tatawag, at magpapahayag, at magaayos sa ganang akin,
mula nang aking itatag ang matandang bayan? at ang mga
bagay na dumarating, at ang mangyayari, ay ipahahayag
nila. **8** Kayo'y huwag mangatakot, o magsipangilabot man:
hindi ko baga ipinahayag sa iyo nang una, at ipinakilala?
at kayo ang aking mga saksi. May Dios baga liban sa
akin? oo, walang malaking Bato; ako'y walang nakikilalang
iba. **9** Silang nangagbibigay anyo sa larawang inanyuan
ay walang kabuluhan silang lahat; at ang kanilang mga
bagay na kinaluluguran ay hindi mapapakinabangan: at
ang kanilang sariling mga saksi ay hindi nangakakakita, o
nangakakaalam man: upang sila'y mangapahiya. **10** Sino
ang naganyo sa isang dios, o bumubo ng larawang inanyuan
na di pakikinabangan sa anoman? **11** Narito, lahat niyang
kasama ay mangapapahiya; at ang mga manggagawa ay sa
mga tao: mapisan sila, magsitayo sila; sila'y mangatatakot,
sila'y mangahihiyang magkakasama. **12** Ang panday bakal
ay gumagawa ng palakol, at gumagawa sa mga baga, at
inaanyuan yaon sa pamamagitan ng mga pamukpok, at
ginagawa yaon ng kaniyang malakas na bisig: oo, siya'y
gutom, at ang kaniyang lakas ay nawawala; siya'y hindi
umiinom ng tubig, at pata. **13** Naguunat ang anluwagi
ng isang pising panukat; kaniyang tinatandaan ng lapis;
kaniyang inaanyuan sa pamamagitan ng mga katam, at
kaniyang tinatandaan ng mga kompas, at inaanyuan ng
ayon sa anyo ng tao, ayon sa kagandahan ng tao, upang
tumahan sa bahay. **14** Pumuputol siya sa ganang kaniya ng
mga cedro, at kumukuha ng puno ng roble at ng encina,
at pinatitibay sa ganang kaniyang sarili ang isa sa gitna

ng mga punong kahoy sa gubat: siya'y nagtatanim ng
puno ng abeto, at yao'y kinakandili ng ulan. **15** Kung
magkagayo'y ilalaan sa tao upang ipanggatong; at kumukuha
siya niyaon, at nagpapainit; oo, kaniyang pinaliliyaban yaon,
at ipinagluluto ng tinapay: oo, kaniyang ginagawang isang
dios, at sinasamba; ginagawa niyang larawang inanyuan, at
pinagpapatirapaan. **16** Kaniyang iginagatong ang bahagi
niyaon sa apoy; ang bahagi niyaon ay ikinakain niya ng
karne; siya'y nagiihaw ng iihawin, at nabubusog: oo, siya'y
nagpapainit, at nagsasabi, Aha, ako'y naiinitan, aking nakita
ang apoy: **17** At ang labis niyaon ay ginagawa niyang dios,
sa makatuwid baga'y kaniyang larawang inanyuan: kaniyang
pinagpapatirapaan at sinasamba, at dinadalanginan, at
nagsasabi, Iligtas mo ako; sapagka't ikaw ay aking dios. **18**
Hindi sila mangakakaalam, o nagsisigunita man: sapagka't
ipinikit niya ang kanilang mga mata, upang sila'y huwag
mangakakita; at ang kanilang mga puso, upang huwag
silang mangakaunawa. **19** At walang nagpapaalaala o
mayroon mang kaalaman, o unawa upang magsabi, Aking
iginatong ang bahagi niyaon sa apoy; oo, ako naman ay
nagluto ng tinapay sa mga baga niyaon; ako'y nagihaw ng
karne at kinain ko: at gagawin ko baga ang nalabi niyaon
na pinaka kasuklamsuklam? magpapatirapa baga ako sa
puno ng isang punong kahoy? **20** Siya'y kumain ng abo:
iniligaw siya ng nadayang puso, at hindi niya mailigtas
ang kaniyang kaluluwa, o makapagsabi, Wala bagang
kabulaanan sa aking kanang kamay? **21** Iyong alalahanin
ang mga bagay na ito, Oh Jacob, at Israel; sapagka't ikaw
ay aking lingkod: aking inanyuan ka; ikaw ay aking lingkod:
Oh Israel, ikaw ay hindi ko malilimutan. **22** Aking pinawi na
parang masinsing ulap ang iyong mga pagsalangsang, at,
parang alapaap, ang iyong mga kasalanan: manumbalik
ka sa akin; sapagka't tinubos kita. **23** Magsiawit, Oh
kayong mga langit, sapagka't nilikha ng Panginoon; kayo'y
magsihiyaw, mga lalong mababang bahagi ng lupa: kayo'y
magbiglang magsiawit, kayong mga bundok, Oh gubat, at
bawa't punong kahoy na nandiyan: sapagka't tinubos ng
Panginoon ang Jacob, at magpapakaluwalhati sa Israel.
**24** Ganito ang sabi ng Panginoon, ng iyong Manunubos,
at niyang naganyo sa iyo mula sa bahay-bata, Ako ang
Panginoon na gumagawa ng lahat na bagay; na naglaladlad,
na magisa ng langit; na naglalatag ng lupa; **25** Na sumisira
ng mga tanda ng mga sinungaling, at nagpapaging ulol
sa mga manghuhula; na nagpapaurong sa mga pantas, at
nagpapaging kamangmangan ng kanilang kaalaman; **26** Na
nagpapatatag ng salita ng kaniyang lingkod, at nagsasagawa
ng payo ng kaniyang mga sugo; na nagsasabi ng tungkol sa
Jerusalem, Siya'y tatahan; at tungkol sa mga bayan ng Juda,
Mangatatayo, at aking ibabangon ang mga sirang dako
niyaon: **27** Na nagsasabi sa kalaliman, Ikaw ay matuyo, at
aking tutuyuin ang iyong mga ilog; **28** Na nagsasabi tungkol
kay Ciro, Siya'y aking pastor, at isasagawa ang lahat kong
kaligayahan: na nagsasabi nga rin tungkol sa Jerusalem,
Siya'y matatayo; at sa templo, Ang iyong patibayan ay
malalagay.

**45** Ganito ang sabi ng Panginoon sa kaniyang pinahiran
ng langis, kay Ciro, na ang kanang kamay ay aking
hinawakan, upang magpasuko ng mga bansa sa harap niya;
at aking kakalagan ang mga balakang ng mga hari; upang
magbukas ng mga pintuan sa unahan niya, at ang mga
pintuang-bayan ay hindi masasarhan; **2** Ako'y magpapauna
sa iyo, at, papatagin ko ang mga bakobakong dako: aking
pagwawaraywarayin ang mga pintuang tanso, at aking
puputulin ang mga halang na bakal: **3** At ibibigay ko sa
iyo ang mga kayamanang nasa kadiliman, at ang mga
natatagong kayamanan sa mga lihim na dako, upang inyong
maalaman na ako ang Panginoon na tumatawag sa iyo sa
inyong pangalan, sa makatuwid baga'y ang Dios ng Israel.
**4** Dahil sa Jacob na aking lingkod, at sa Israel na aking
pinili tinawag kita sa iyong pangalan: aking pinamagatan ka,
bagaman hindi mo nakilala ako. **5** Ako ang Panginoon, at
walang iba; liban sa akin ay walang Dios. Aking bibigkisan
ka, bagaman hindi mo ako nakilala. **6** Upang kanilang
maalaman mula sa sikatan ng araw, at mula sa kalunuran,
na walang iba liban sa akin: ako ang Panginoon, at walang
iba. **7** Aking inilalagay ang liwanag, at nililikha ko ang
kadiliman; ako'y gumagawa ng kapayapaan, at lumilikha
ako ng kasamaan; ako ang Panginoon, na gumagawa ng
lahat na bagay na ito. **8** Maghulog, oh kayong mga langit
mula sa itaas, at ang alapaap ay pumatak ng katuwiran:
bumuka ang lupa, upang maglabas siya ng kaligtasan,
at ang katuwiran ay lumabas na kasama niyaon; akong
Panginoon ang lumikha. **9** Sa aba niya, na nakikipagpunyagi
sa May-lalang sa kaniya! isang bibinga sa gitna ng mga
bibinga sa lupa! Magsasabi baga ang putik sa nagbibigay
anyo sa kaniya, Anong ginagawa mo? o ang iyong gawa,
Siya'y walang mga kamay? **10** Sa aba niya na nagsasabi
sa ama, Ano ang naging anak mo? o sa babae, Ano ang
ipinagdamdam mo? **11** Ganito ang sabi ng Panginoon, ng
Banal ng Israel, at ng May-lalang sa kaniya, Magtanong
ka sa akin tungkol sa mga bagay na darating; tungkol sa
aking mga anak, at tungkol sa gawa ng aking mga kamay,
magutos kayo sa akin. **12** Aking ginawa ang lupa, at nilalang
ko ang tao rito: ako, sa makatuwid baga'y ang aking mga
kamay, nagladlad ng langit, at sa lahat ng natatanaw roon ay
nagutos ako. **13** Aking ibinangon siya sa katuwiran, at aking
tutuwirin ang lahat niyang lakad; kaniyang itatayo ang aking
bayan, at kaniyang palalayain ang aking mga natapon, hindi

sa halaga o sa kagantihan man, sabi ng Panginoon ng mga
hukbo. 14 Ganito ang sabi ng Panginoon, Ang yari ng Egipto,
at ang kalakal ng Etiopia, at ang mga Sabeo, sa mga taong
matatangkad, ay magsisiparito sa iyo, at sila'y magiging iyo;
sila'y magsisisunod sa iyo, sila'y magsisidaang may tanikala;
at sila'y mangagpapatirapa sa iyo, sila'y magsisipamanhik
sa iyo, na mangagsasabi, Tunay na ang Dios ay nasa
iyo; at walang ibang Dios. 15 Katotohanang ikaw ay Dios
na nagkukubli, Oh Dios ng Israel, na Tagapagligtas. 16
Sila'y mangapapahiya, oo, mangalilito silang lahat; sila'y
magsisipasok sa pagkalito na magkakasama na mga
manggagawa ng mga diosdiosan. 17 Nguni't ang Israel
ay ililigtas ng Panginoon ng walang hanggang kaligtasan:
kayo'y hindi mangapapahiya o mangalilito man magpakailan
man. 18 Sapagka't ganito ang sabi ng Panginoon na lumikha
ng langit, na siyang Dios na nag-anyo sa lupa at gumawa
niyaon, na kaniyang itinatag, at hindi niya nilikha na sira, na
kaniyang inanyuan upang tahanan: ako ang Panginoon; at
wala nang iba. 19 Ako'y hindi nagsalita ng lihim, sa dako
ng lupain ng kadiliman; hindi ako nagsabi sa lahi ni Jacob,
Hanapin ninyo ako ng walang kabuluhan: akong Panginoon
ay nagsasalita ng katuwiran, ako'y nagpapahayag ng mga
bagay na matuwid. 20 Kayo'y mangagpipisan at magsiparito;
magsilapit kayong magkakasama, kayong mga nakatanan
sa mga bansa: sila'y walang kaalaman na nangagdadala ng
kahoy ng kanilang larawang inanyuan, at nagsisidalangin sa
dios na hindi makapagliligtas. 21 Kayo'y mangagpahayag, at
mangagpasapit; oo, magsanggunian silang magkakasama:
sinong nagpakilala nito mula nang mga unang panahon?
sinong nagpahayag niyaon nang una? hindi baga ang
Panginoon? at walang Dios liban sa akin: isang ganap na
Dios at Tagapagligtas; walang iba liban sa akin. 22 Kayo'y
magsitingin sa akin, at kayo'y mangaligtas, lahat na taga
wakas ng lupa: sapagka't ako'y Dios, at walang iba liban
sa akin. 23 Ako'y sumumpa ng aking sarili, ang salita ay
nakabitaw sa aking bibig sa katuwiran, at hindi babalik, na sa
akin ay luluhod ang bawa't tuhod, bawa't dila ay susumpa.
24 Sa Panginoon lamang, sasabihin ng isa tungkol sa akin,
ang katuwiran at kalakasan: sa makatuwid baga'y sa kaniya
magsisiparoon ang mga tao, at ang lahat na nagiinit laban
sa kaniya ay mangapapahiya. 25 Sa Panginoon ay aariing
ganap ang buong lahi ng Israel, at luluwalhati.

46 Si Bel ay nagpapatirapa, sa Nebo ay yumuyukod;
ang kanilang mga diosdiosan ay pasan sa ibabaw ng
mga hayop, at sa ibabaw ng mga baka: ang mga bagay na
inyong daladalang inilibot ay mabigat na pasan sa pagod
na hayop. 2 Sila'y yumuyukod, sila'y nangagpapatirapang
magkakasama; hindi nila maiwasan ang pasan, kundi sila
ma'y napapasok sa pagkabihag. 3 Inyong dinggin ako, Oh
sangbahayan ni Jacob, at lahat na nalabi sa sangbahayan ni
Israel, na kinalong ko mula sa tiyan, na dala mula sa bahay-
bata: 4 At hanggang sa katandaan ay ako nga, at hanggang
sa magka uban ay dadalhin kita; aking ginawa, at aking
dadalhin; oo, aking dadalhin, at aking ililigtas. 5 Kanino
ninyo ako itutulad, at ipaparis, at iwawangis ako, upang
kami ay magkagaya? 6 Sila'y dumudukot ng maraming
ginto sa supot, at tumitimbang ng pilak sa timbangan,
sila'y nagsisiupa ng panday-ginto, at kaniyang ginagawang
dios; sila'y nangagpapatirapa, oo, sila'y nagsisisamba. 7
Pinapasan nila siya sa balikat, dinadala nila siya, at inilalagay
siya sa kaniyang dako, at siya'y nakatayo; mula sa kaniyang
dako ay hindi siya makikilos: oo, may dadaing sa kaniya,
gayon ma'y hindi siya makasasagot, o makapagliligtas man
sa kaniya sa kaniyang kabagabagan. 8 Inyong alalahanin
ito, at mangagpakalalake kayo: isaisip ninyo uli, Oh ninyong
mga mananalangsang. 9 Inyong alalahanin ang mga dating
bagay ng una: sapagka't ako'y Dios, at walang iba liban sa
akin; ako'y Dios, at walang gaya ko; 10 Na nagpapahayag ng
wakas mula sa pasimula, at mula nang mga unang panahon,
ng mga bagay na hindi pa nangyayari; na nagsasabi, Ang
payo ko ay mananayo, at gagawin ko ang aking buong
kaligayahan: 11 Na tumatawag ng ibong mangdadagit
mula sa silanganan, ng taong gumagawa ng aking payo
mula sa malayong lupain; oo, aking sinalita, akin namang
papangyayarihin; aking, pinanukala, akin namang gagawin.
12 Inyong dinggin ako, ninyong may mapagmatigas na
loob; na malayo sa katuwiran: 13 Aking inilalapit ang aking
katuwiran, hindi maglalaon at ang aking pagliligtas ay hindi
magluluwat: at aking ilalagay ang kaligtasan sa Sion na ukol
sa Israel na aking kaluwalhatian.

47 Ikaw ay bumaba, at umupo sa alabok, Oh anak na
dalaga ng Babilonia; lumagmak ka sa lupa na walang
luklukan, Oh anak na babae ng mga Caldeo: sapagka't
hindi ka na tatawaging maselang at mahinhin. 2 Ikaw ay
kumuha ng gilingang mga bato, at gumiling ka ng harina;
magalis ka ng iyong lambong, maghubad ka ng balabal,
maglitaw ka ng binti, tumawid ka sa mga ilog. 3 Ang
iyong kahubaran ay malilitaw, oo, ang iyong kahihiyan ay
makikita, ako'y manghihiganti, at hindi tatangi ng tao. 4
Ang aming Manunubos, ang Panginoon ng mga hukbo ay
siyang pangalan niya, ang Banal ng Israel. 5 Maupo kang
tahimik, at masok ka sa kadiliman, Oh anak na babae ng
mga Caldeo: sapagka't hindi ka na tatawagin. Ang mahal na
babae ng mga kaharian. 6 Ako'y napoot sa aking bayan,
aking dinumhan ang aking mana, at ibinigay ko sa iyong
kamay: hindi mo pinagpakitaan sila ng kaawaan; sa may
katandaan ay pinabigat mong mainam ang iyong atang. 7 At
iyong sinabi, Ako'y magiging mahal na babae magpakailan

man: na anopa't hindi mo ginunita ang mga bagay na ito
sa iyong kalooban, o inalaala mo man ang huling wakas
nito. 8 Ngayon nga'y dinggin mo ito, ikaw na hinati sa mga
kalayawan, na tumatahang matiwasay, na nagsasabi sa
kaniyang puso, Ako nga, at walang iba liban sa akin; hindi
ako uupong gaya ng babaing bao, o mararanasan man ang
pagkawala ng mga anak: 9 Nguni't ang dalawang bagay na
ito ay darating sa iyo sa isang sangdali, sa isang araw, ang
pagkawala ng mga anak at pagkabao; sa kanilang karamihan
ay darating sa iyo, sa karamihan ng iyong panggagaway, at
sa totoong kasaganaan ng iyong mga enkanto. 10 Sapagka't
ikaw ay tumiwala sa iyong kasamaan; iyong sinabi, Walang
nakakakita sa akin; ang iyong karunungan at ang iyong
kaalaman, nagpaligaw sa iyo: at iyong sinabi sa iyong
puso, Ako nga, at walang iba liban sa akin. 11 Kaya't ang
kasamaan ay darating sa iyo; hindi mo malalaman ang
bukang liwayway niyaon: at kasakunaan ay sasapit sa iyo;
hindi mo maaalis: at kagibaan ay darating sa iyong bigla, na
hindi mo nalalaman. 12 Tumayo ka ngayon sa iyong mga
enkanto, at sa karamihan ng iyong panggagaway, na iyong
ginawa mula sa iyong kabataan: marahil makikinabang ka,
marahil mananaig ka. 13 Ikaw ay yamot sa karamihan ng
iyong mga payo: magsitayo ngayon ang nanganghuhula
sa pamamagitan ng langit, at ng mga bituin, ang mga
mangingilala ng tungkol sa buwan, at siyang magligtas sa
iyo sa mga bagay na mangyayari sa iyo. 14 Narito, sila'y
magiging gaya ng pinagputulan ng trigo; susunugin sila
ng apoy; sila'y hindi makaliligtas sa bangis ng liyab: hindi
babaga na mapagpapainitan, o magiging apoy na mauupuan
sa harap. 15 Ganito mangyayari ang mga bagay sa iyo,
na iyong ginawa: silang nangalakal sa iyo mula sa iyong
kabinataan ay lalaboy bawa't isa ng kaniyang sariling lakad;
walang magliligtas sa iyo.

**48** Iyong dinggin ito, Oh sangbahayan ni Jacob, na
tinatawag sa pangalan ng Israel, at nagsilabas sa bukal
ng Juda; na nagsisumpa sa pangalan ng Panginoon, at
nagsibanggit ng Dios ng Israel, nguni't hindi sa katotohanan,
o sa katuwiran man. 2 (Sapagka't sila'y tinatawag ayon
sa bayang banal, at nagsitiwala sa Dios ng Israel; ang
Panginoon ng mga hukbo ang kaniyang pangalan): 3 Aking
ipinahayag ang mga dating bagay mula nang una; oo,
yao'y lumabas sa aking bibig, at aking ipinakilala: biglang
ginawa ko, at nangyari. 4 Sapagka't nakilala ko, na ikaw ay
mapagmatigas, at ang iyong leeg ay parang litid na bakal, at
ang iyong noo ay parang tanso: 5 Kaya't aking ipinahayag
sa iyo mula nang una; bago nangyari ay ipinakilala ko sa
iyo: baka iyong sabihin, Mga ginawa ng aking diosdiosan, at
ang aking larawang inanyuan, at ang aking larawang binubo,
nagutos sa kanila. 6 Iyong narinig; tingnan mong lahat ito; at
kayo, hindi ba ninyo ipahahayag? Ako'y nagpakita sa iyo ng
mga bagong bagay mula sa panahong ito, sa makatuwid
baga'y mga kubling bagay na hindi mo naalaman. 7 Mga
nalikha ngayon, at hindi mula nang una; at bago dumating
ang araw na ito ay hindi mo nangarinig; baka iyong sabihin,
Narito, aking nangaalaman. 8 Oo, hindi mo narinig; oo, hindi
mo naalaman; oo, mula nang una ay hindi nabuksan ang
iyong pakinig: sapagka't talastas ko na ikaw ay gumawa na
totoong may kataksilan, at tinawag na mananalangsang mula
sa bahay-bata. 9 Dahil sa aking pangalan ay aking iuurong
ang aking galit, at dahil sa kapurihan ko ay aking ititigil,
upang huwag kitang ihiwalay. 10 Narito dinalisay kita, nguni't
hindi parang pilak; pinili kita sa hurno ng kadalamhatian. 11
Dahil din sa akin, dahil din sa akin, aking gagawin yaon;
sapagka't, bakit lalapastanganin ang aking pangalan? at
ang kaluwalhatian ko ay hindi ko ibinigay sa iba. 12 Inyong
dinggin ako, Oh Jacob, at Israel na tinawag ko: Ako nga;
ako ang una, ako rin ang huli. 13 Oo, ang aking kamay
ay siyang naglagay ng patibayan ng lupa, at ang aking
kanan ay siyang nagladlad ng langit: pagka ako'y tumatawag
sa kanila, sila'y nagsisitayong magkakasama. 14 Kayo'y
magpipisan, kayong lahat, at inyong dinggin; sino sa kanila
ang nagpahayag ng mga bagay na ito? Siyang iniibig ng
Panginoon ay kaniyang tutuparin ang kaniyang kaligayahan
sa Babilonia, at bubuhatin niya ang kaniyang kamay sa
mga Caldeo. 15 Ako, ako nga'y nagsalita; oo, aking tinawag
siya; aking dinala siya; at kaniyang pagiginhawahin ang
kaniyang lakad. 16 Kayo'y magsilapit sa akin, inyong dinggin
ito; mula sa pasimula ay hindi ako nagsalita ng lihim; mula
nang panahon na nangyari ito, nandoon nga ako: at ngayo'y
sinugo ako ng Panginoong Dios, at nang kaniyang Espiritu.
17 Ganito ang sabi ng Panginoon, ng inyong Manunubos, ng
Banal ng Israel, Ako ang Panginoon mong Dios, na nagtuturo
sa iyo ng mapapakinabangan, na pumapatnubay sa iyo sa
daan na iyong marapat na lakaran. 18 Oh kung dininig mo
ang aking mga utos! ang iyo ngang kapayapaan ay naging
parang ilog, at ang iyong katuwiran ay parang mga alon sa
dagat: 19 Ang iyo namang lahi ay naging parang buhangin
at ang suwi ng iyong tiyan ay parang mga butil niyaon: ang
kaniyang pangalan ay hindi mahihiwalay o magigiba man
sa harap ko. 20 Kayo'y magsilabas sa Babilonia, inyong
takasan ang mga Caldeo; kayo'y mangagpahayag na may
tinig ng awitan, inyong saysayin ito, itanyag ninyo hanggang
sa wakas ng lupa: inyong sabihin, Tinubos ng Panginoon
ang Jacob na kaniyang lingkod. 21 At sila'y hindi nangauhaw
nang pinapatnubayan niya sila sa mga ilang; kaniyang
pinaagos ang tubig mula sa bato para sa kanila; kaniyang
ginuwangan din naman ang bato, at ang tubig ay bumukal.
22 Walang kapayapaan sa masama, sabi ng Panginoon.

**49** Kayo'y magsipakinig sa akin, Oh mga pulo; at inyong
pakinggan, ninyong mga bayan, sa malayo: tinawag
ako ng Panginoon mula sa bahay-bata; mula sa bahay-
bata ng aking ina ay binanggit niya ang aking pangalan:
**2** At kaniyang ginawa ang aking bibig na parang matalas
na tabak; sa lilim ng kaniyang kamay ay ikinubli niya ako:
at ginawa niya akong makinang na pana; sa kaniyang
lalagyan ng pana ay itinago niya ako: **3** At sinabi niya
sa akin, Ikaw ay aking lingkod; Israel, na siyang aking
ikaluluwalhati. **4** Nguni't aking sinabi, Ako'y gumawang
walang kabuluhan, aking ginugol ang aking lakas sa wala, at
sa walang kabuluhan; gayon ma'y tunay na ang kahatulan sa
akin ay nasa Panginoon, at ang kagantihan sa akin ay nasa
aking Dios. **5** At ngayo'y sinasabi ng Panginoon na naganyo
sa akin mula sa bahay-bata upang maging kaniyang lingkod,
upang dalhin uli ang Jacob sa kaniya, at ang Israel ay
mapisan sa kaniya: (sapagka't ako'y marangal sa mga mata
ng Panginoon, at ang aking Dios ay naging aking kalakasan;
) **6** Oo, kaniyang sinasabi, Totoong magaan ang bagay na
ikaw ay naging aking lingkod upang ibangon ang mga lipi
ng Jacob, at isauli ang iningatan ng Israel, ikaw ay aking
ibibigay na pinakailaw sa mga Gentil upang ikaw ay maging
aking kaligtasan hanggang sa wakas ng lupa. **7** Ganito ang
sabi ng Panginoon, ng Manunubos ng Israel, na kaniyang
Banal, doon sa hinahamak ng tao, doon sa kinayayamutan
ng bansa, sa lingkod ng mga pinuno, Ang mga hari at
ang mga pangulo, ay mangakakakita at magsisibangon,
at sila'y magsisisamba; dahil sa Panginoon na tapat, sa
Banal ng Israel, na siyang pumili sa iyo. **8** Ganito ang sabi
ng Panginoon, Sa kalugodlugod na panahon ay sinagot
kita, at sa araw ng pagliligtas ay tinulungan kita: at aking
iningatan ka, at ibibigay kita na pinakatipan sa bayan, upang
ibangon ang lupain, upang ipamana sa kanila ang mga
sirang mana; **9** Na nagsasabi sa kanilang nangabibilanggo,
Kayo'y magsilabas; sa kanilang nangasa kadiliman, Pakita
kayo. Sila'y magsisikain sa mga daan, at ang lahat na luwal
na kaitaasan ay magiging kanilang pastulan. **10** Sila'y hindi
mangagugutom, o mangauuhaw man; at hindi man sila
mangapapaso ng init, o ng araw man: sapagka't siyang may
awa sa kanila ay papatnubay sa kanila, sa makatuwid baga'y
sa tabi ng mga bukal ng tubig ay papatnubayan niya sila. **11**
At aking gagawing daan ang lahat ng aking mga bundok, at
ang aking mga lansangan ay patataasin. **12** Narito, ang mga
ito'y manggagaling sa malayo; at, narito, ang mga ito ay
mula sa hilagaan, at mula sa kalunuran; at ang mga ito ay
mula sa lupain ng Sinim. **13** Ikaw ay umawit, Oh langit; at
magalak, Oh lupa; at kayo'y biglang magsiawit, Oh mga
bundok: sapagka't inaliw ng Panginoon ang kaniyang bayan,
at mahahabag sa kaniyang nagdadalamhati. **14** Nguni't
sinabi ng Sion, Pinabayaan ako ni Jehova, at nilimot ako
ng Panginoon. **15** Malilimutan ba ng babae ang kaniyang
batang pasusuhin; na siya'y hindi mahahabag sa anak ng
kaniyang bahay-bata? oo, ito'y makalilimot, nguni't hindi kita
kalilimutan. **16** Narito aking inanyuan ka sa mga palad ng
aking mga kamay; ang iyong mga kuta ay laging nangasa
harap ko. **17** Ang iyong mga anak ay mangagmamadali; ang
mga manghahamak sa iyo at ang sumisira sa iyo ay aalis sa
iyo. **18** Imulat mo ang iyong mga mata sa palibot, at tingnan
mo: lahat ng mga ito ay nagpipipisan, at naparirito sa iyo.
Buhay ako, sabi ng Panginoon, ikaw ay mabibihisan ng
lahat ng mga yaon, na parang pinakagayak, at mabibigkisan
ka ng mga yaon na parang isang kasintahang babae. **19**
Sapagka't tungkol sa iyong mga sira at sa iyong mga gibang
dako at sa iyong lupain na nawasak, tunay na ikaw ngayon
ay magiging totoong napakakipot sa mga mananahan, at
silang nagsisisakmal sa iyo ay mangalalayo. **20** Ang mga
anak ng inyong kapanglawan ay mangagsasabi pa sa iyong
mga pakinig, Ang dako ay totoong makipot sa ganang
akin: bigyan mo ako ng dako upang aking matahanan. **21**
Kung magkagayo'y sasabihin mo sa iyong sarili, Sinong
nanganak ng mga ito sa akin, dangang nawalan ako ng
aking mga anak, at ako'y nagiisa, tapon, at lumalaboy na
paroo't parito? at sinong nagpalaki ng mga ito? Narito, ako'y
naiwang magisa; mga ito, saan nangandoon? **22** Ganito
ang sabi ng Panginoong Dios, Narito, aking ikakaway ang
aking kamay sa mga bansa, at itatayo ko ang aking watawat
sa mga bayan; at sila'y kakalong ng iyong mga anak na
lalake sa kanilang sinapupunan, at ang iyong mga anak
na babae ay papasanin ng kanilang mga balikat. **23** At
mga hari ang magiging iyong mga taga kandiling ama,
at ang kanilang mga reina, ay iyong mga taga kandiling
ina: sila'y magsisiyukod sa iyo ng kanilang mga mukha sa
lupa, at hihimuran ang alabok ng inyong mga paa: at iyong
makikilala, na ako ang Panginoon, at ang nangaghihintay sa
akin ay hindi mangapapahiya. **24** Makukuha baga ang huli sa
makapangyarihan, o maliligtas ang mga talagang nabihag?
**25** Nguni't ganito ang sabi ng Panginoon, Pati ng mga bihag
ng makapangyarihan ay kukunin, at ang huli ng kakilakilabot
ay maliligtas; sapagka't ako'y makikipaglaban sa kaniya
na nakikipaglaban sa iyo, at aking ililigtas ang iyong mga
anak. **26** At aking pakakanin silang nagsisipighati sa iyo ng
kanilang sariling laman; at sila'y mangalalango ng kanilang
sariling dugo, na gaya ng matamis na alak: at makikilala ng
lahat ng tao, na akong Panginoon ay iyong Tagapagligtas, at
iyong Manunubos, na Makapangyarihan ng Jacob.

**50** Ganito ang sabi ng Panginoon, Saan nandoon ang
sulat ng pagkakahiwalay ng iyong ina, na aking
ipinaghiwalay sa kaniya? o sa kanino sa mga nagpapautang

sa akin ipinagbili kita? Narito, dahil sa inyong mga kasamaan
ay naipagbili kayo, at dahil sa inyong mga pagsalangsang
ay nahiwalay ang inyong ina. 2 Bakit, nang ako'y parito,
ay walang tao? nang ako'y tumawag, ay walang sumagot?
naging maiksi na baga ang aking kamay na hindi makatubos?
o wala akong kapangyarihang makapagligtas? Narito, sa
saway ko ay aking tinutuyo ang dagat, aking pinapaging
ilang ang mga ilog: ang kanilang isda ay bumabaho,
sapagka't walang tubig, at namamatay dahil sa uhaw. 3
Aking binibihisan ng kaitiman ang langit at aking ginagawang
kayong magaspang ang kaniyang takip. 4 Binigyan ako
ng Panginoong Dios ng dila ng nangaturuan, upang
aking maalaman kung paanong aaliwin ng mga salita
siyang nanglulupaypay. Siya'y nagigising tuwing umaga,
ginigising niya ang aking pakinig upang makinig na gaya
ng mga natuturuan. 5 Binuksan ng Panginoong Dios ang
aking pakinig, at ako'y hindi naging mapanghimagsik, o
tumalikod man. 6 Aking ipinain ang aking likod sa mga
mananakit, at ang aking mga pisngi sa mga bumabaltak
ng balbas; hindi ko ikinubli ang aking mukha sa kahihiyan
at sa paglura. 7 Sapagka't tutulungan ako ng Panginoong
Dios; kaya't hindi ako nalito: kaya't inilagay ko ang aking
mukha na parang batong pingkian, at talastas ko na hindi
ako mapapahiya. 8 Siya'y malapit na nagpapatotoo sa
akin; sinong makikipaglaban sa akin? tayo'y magsitayong
magkakasama: sino ang aking kaaway? bayaang lumapit
siya sa akin. 9 Narito, tutulungan ako ng Panginoong
Dios; sino siya na hahatol sa akin? narito, silang lahat ay
mangalulumang parang bihisan; lalamunin sila ng tanga. 10
Sino sa inyo ang natatakot sa Panginoon, na sumusunod sa
tinig ng kaniyang lingkod? Siyang lumalakad sa kadiliman, at
walang liwanag, tumiwala siya sa pangalan ng Panginoon,
at umasa sa kaniyang Dios. 11 Narito, kayong lahat na
nangagsusulsol ng apoy, na kumukubkob ng mga sulo:
magsilakad kayo sa liyab ng inyong apoy, at sa gitna ng
mga sulo na inyong pinagalab. Ito ang tatamuhin ninyo sa
aking kamay; kayo'y hihiga sa kapanglawan.

**51** Kayo'y magsipakinig sa akin, kayong nagsisisunod
sa katuwiran, kayong nagsisihanap sa Panginoon:
magsitingin kayo sa malaking bato na inyong kinaputulan, at
sa luwang ng hukay na kinahukayan sa inyo. 2 Tingnan
ninyo si Abraham na inyong ama, at si Sara na nanganak sa
inyo; sapagka't nang siya'y iisa ay tinawag ko siya, at aking
pinagpala siya, at aking pinarami siya. 3 Sapagka't inaliw ng
Panginoon ang Sion; kaniyang pinasaya ang lahat niyang
sirang dako, at ginawa niyang parang Eden ang kaniyang
ilang, at ang kaniyang lupang masukal ay parang halamanan
ng Panginoon; kagalakan at kasayahan ay masusumpungan
doon, pagpapasalamat, at tinig na mainam. 4 Makinig ka
sa akin, Oh bayan ko; at pakinggan mo ako, Oh bansa
ko: sapagka't isang kautusan ay magmumula sa akin, at
ang aking kahatulan ay gagawin kong pinakaliwanag sa
mga bayan. 5 Ang katuwiran ko ay malapit, ang aking
pagliligtas ay lumabas, at hahatol ang aking mga bisig sa
mga bayan; ang mga pulo ay magsisipaghintay sa akin,
at sa aking bisig ay magsisitiwala sila. 6 Itingin ninyo ang
inyong mga mata sa mga langit, at magsitungo kayo sa
lupa sa ibaba; sapagka't ang mga langit ay mapapawing
parang usok, at ang lupa ay malulumang parang bihisan;
at silang nagsisitahan doon ay mangamamatay ng gayon
ding paraan: nguni't ang pagliligtas ko ay magpakailan man,
at ang aking katuwiran ay hindi mawawakasan. 7 Inyong
pakinggan ako, ninyong nakakaalam ng katuwiran, bayan na
ang puso ay kinaroonan ng aking kautusan; huwag ninyong
katakutan ang pula ng mga tao, o manglupaypay man kayo
sa kanilang mga paglait. 8 Sapagka't sila'y lalamunin ng
tanga na parang bihisan, at kakanin sila ng uod na parang
bihisan na balahibo ng tupa; nguni't ang aking katuwiran
ay magiging magpakailan man, at ang aking pagliligtas
ay sa lahat ng sali't saling lahi. 9 Gumising ka, gumising
ka, magbihis ka ng kalakasan, Oh bisig ng Panginoon;
gumising ka na gaya nang kaarawan noong una, nang
mga lahi ng mga dating panahon. Hindi baga ikaw ang
pumutol ng Rahab, na sumaksak sa buwaya? 10 Hindi baga
ikaw ang tumuyo sa dagat, sa tubig ng malaking kalaliman;
na iyong pinapaging daan ang kalaliman ng dagat upang
daanan ng natubos? 11 At ang mga tinubos ng Panginoon
ay magsisibalik, at magsisiparoong may awitan sa Sion;
at walang hanggang kagalakan ay sasa kanilang mga ulo:
sila'y mangagtatamo ng kasayahan at kagalakan; at ang
kapanglawan at pagbubungtong-hininga ay tatakas. 12 Ako,
ako nga, ay siyang umaaliw sa inyo: sino ka na natatakot sa
tao na mamamatay at sa anak ng tao na gagawing parang
damo; 13 At iyong kinalimutan ang Panginoon na May-
lalang sa iyo, na nagladlad ng mga langit, at naglalagay
ng mga patibayan ng lupa; at ikaw ay natatakot na lagi
buong araw dahil sa pusok ng mamimighati, pagka siya'y
nagmamadali upang gumiba? at saan nandoon ang pusok ng
mamimighati? 14 Ang bihag na tapon ay madaling bibitawan;
at hindi mamamatay at bababa sa hukay, o magkukulang
man ang kaniyang tinapay. 15 Sapagka't ako ang Panginoon
mong Dios, na nagpapahugong sa dagat, na ang mga alon
niyao'y humuhugong: ang Panginoon ng mga hukbo ay
siyang kaniyang pangalan. 16 At inilagay ko ang aking
mga salita sa iyong bibig, at tinakpan kita sa lilim ng aking
kamay, upang aking mailadlad ang mga langit, at mailagay
ang mga patibayan ng lupa, at magsabi sa Sion, Ikaw ay
aking bayan. 17 Gumising ka, gumising ka, tumayo ka,

Oh Jerusalem, na uminom ka sa kamay ng Panginoon sa
saro ng kaniyang kapusukan; iyong ininuman ang saro ng
pangpagiray, at iyong sinaid. 18 Walang pumatnubay sa
kaniya sa lahat na anak na kaniyang ipinanganak; o may
humawak man sa kaniya sa kamay sa lahat na anak na
kaniyang pinalaki. 19 Ang dalawang bagay na ito ay nangyari
sa iyo; sinong makikidamdam sa iyo? kagibaan, at kasiraan,
at ang kagutom at ang tabak; paanong aaliwin kita? 20 Ang
iyong mga anak ay nanganglupaypay, sila'y nangahihiga sa
dulo ng lahat na lansangan, na gaya ng isang usa sa isang
silo; sila'y puspos ng kapusukan ng Panginoon, ng saway ng
iyong Dios. 21 Kaya't pakinggan mo ito ngayon, ikaw na
nagdadalamhati, at lango, nguni't hindi ng alak: 22 Ganito
ang sabi ng iyong Panginoon na Jehova, at ng iyong Dios
na nagsasanggalang ng usap ng kaniyang bayan, Narito,
aking inalis sa iyong kamay ang saro na pangpagiray, ang
saro nga ng aking kapusukan; hindi ka na iinom pa: 23 At
aking ilalagay sa kamay nila na nagsisidalamhati sa iyo, na
nakapagsabi sa iyong kaluluwa, Ikaw ay dumapa upang
kami ay dumaan, at iyong inilagpak ang iyong likod na
parang lupa, at parang lansangan sa kanilang nagdaraan.

**52** Gumising ka, gumising ka, magsuot ka ng iyong
kalakasan, Oh Sion; magsuot ka ng iyong mga
magandang damit, Oh Jerusalem, na bayang banal: sapagka't
mula ngayo'y hindi na papasok pa sa iyo ang hindi tuli
at ang marumi. 2 Magpagpag ka ng alabok; ikaw ay
bumangon, umupo ka sa iyong luklukan, Oh Jerusalem:
magkalag ka ng mga tali ng iyong leeg, Oh bihag na anak na
babae ng Sion. 3 Sapagka't ganito ang sabi ng Panginoon,
Kayo'y naipagbili sa wala; at kayo'y matutubos ng walang
salapi. 4 Sapagka't ganito ang sabi ng Panginoong Dios,
Ang bayan ko ay bumaba noong una sa Egipto upang
makipamayan doon: at pinighati sila ng mga taga Asiria
ng walang kadahilanan. 5 Ngayon nga, anong ginagawa
ko rito, sabi ng Panginoon, yamang ang aking bayan ay
dinala ng walang anoano? silang nangagpupuno sa kanila
ay nagsisiungal, sabi ng Panginoon, at ang aking pangalan
ay natutungayaw na lagi buong araw, 6 Kaya't makikilala
ng aking bayan ang aking pangalan: kaya't matatalastas
nila sa araw na yaon, na ako yaong nagsasalita; narito, ako
nga. 7 Anong pagkaganda sa mga bundok ng mga paa
niyaong nagdadala ng mga mabuting balita, na naghahayag
ng kapayapaan, na nangagdadala ng mga mabuting balita
sa ikabubuti, na nagtatanyag ng kaligtasan, na nagsasabi sa
Sion, Ang iyong Dios ay naghahari! 8 Ang tinig ng iyong
mga bantay! sila'y naglalakas ng tinig, na magkakasamang
nagsisiawit; sapagka't sila'y makakakita ng mukhaan pagka
ang Panginoon ay bumalik sa Sion. 9 Kayo'y magbiglang
magalak, kayo'y magsiawit na magkakasama, kayong mga
sirang dako ng Jerusalem; sapagka't inaliw ng Panginoon
ang kaniyang bayan, kaniyang tinubos ang Jerusalem. 10
Hinubdan ng Panginoon ang kaniyang banal na bisig sa
harap ng mga mata ng lahat na bansa; at makikita ng
lahat na wakas ng lupa ang pagliligtas ng ating Dios. 11
Kayo'y magsiyaon, kayo'y magsiyaon, kayo'y magsialis
doon, huwag kayong magsisihipo ng maruming bagay;
kayo'y magsilabas sa gitna niya; kayo'y mangagpakalinis,
kayong nangagdadala ng mga sisidlan ng Panginoon. 12
Sapagka't kayo'y hindi magsisilabas na nagmamadali, o
magsisilabas man kayo na takas: sapagka't ang Panginoon
ay magpapauna sa inyo; at ang Dios ng Israel ay magiging
inyong bantay likod. 13 Narito, ang lingkod ko ay gagawang
may karunungan, siya'y mabubunyi, at malalagay na mataas,
at magiging napakataas. 14 Kung paanong marami ang
natigilan dahil sa iyo (ang kaniyang mukha ay napakakatuwa
kay sa kaninomang lalake, at ang kaniyang anyo ay higit na
kumatuwa kay sa mga anak ng mga tao), 15 Gayon siya
magwiwisik sa maraming bansa; ang mga hari ay magtitikom
ng kanilang mga bibig dahil sa kaniya: sapagka't ang hindi
nasaysay sa kanila ay kanilang makikita; at ang hindi nila
narinig ay kanilang mauunawa.

**53** Sinong naniwala sa aming balita? at kanino nahayag
ang bisig ng Panginoon? 2 Sapagka't siya'y tumubo sa
harap niya na gaya ng sariwang pananim, at gaya ng ugat sa
tuyong lupa: walang anyo o kagandahan man; at pagka ating
minamasdan siya ay walang kagandahan na mananais tayo
sa kaniya. 3 Siya'y hinamak at itinakuwil ng mga tao; isang
taong sa kapanglawan, at bihasa sa karamdaman: at gaya
ng isa na pinagkublihan ng kanilang mukha ng mga tao, na
siya'y hinamak, at hindi natin hinalagahan siya. 4 Tunay
na kaniyang dinala ang ating mga karamdaman, at dinala
ang ating mga kapanglawan; gayon ma'y ating pinalagay
siya na hinampas, sinaktan ng Dios, at dinalamhati. 5
Nguni't siya'y nasugatan dahil sa ating mga pagsalangsang,
siya'y nabugbog dahil sa ating mga kasamaan, ang parusa
ng tungkol sa ating kapayapaan ay nasa kaniya; at sa
pamamagitan ng kaniyang mga latay ay nagsigaling tayo.
6 Tayong lahat na gaya ng mga tupa ay naligaw; tayo ay
tumungo bawa't isa sa kaniyang sariling daan; at ipinasan
sa kaniya ng Panginoon ang kasamaan nating lahat. 7
Siya'y napighati, gayon man nang siya'y dinalamhati ay hindi
nagbuka ng kaniyang bibig; gaya ng kordero na dinadala sa
patayan, at gaya ng tupang nasa harap ng mga manggugupit
sa kaniya ay pipi, gayon ma'y hindi niya binuka ang kaniyang
bibig. 8 Sa pamamagitan ng kapighatian at kahatulan ay
dinala siya: at tungkol sa kaniyang lahi, sino sa kanila ang
gumunita na siya'y nahiwalay sa lupain ng buhay? dahil sa
pagsalangsang ng aking bayan ay nasaktan siya. 9 At ginawa

nila ang kaniyang libingan na kasama ng mga masama, at
kasama ng isang lalaking mayaman sa kaniyang kamatayan;
bagaman hindi siya gumawa ng pangdadahas, o wala
mang anomang karayaan sa kaniyang bibig. **10** Gayon ma'y
kinalugdan ng Panginoon na mabugbog siya; inilagay niya
siya sa pagdaramdam: pagka iyong gagawin ang kaniyang
kaluluwa na pinakahandog dahil sa kasalanan, makikita
niya ang kaniyang lahi, pahahabain niya ang kaniyang mga
kaarawan, at ang pagkalugod ng Panginoon ay lalago sa
kaniyang kamay. **11** Siya'y makakakita ng pagdaramdam
ng kaniyang kaluluwa at masisiyahan: sa pamamagitan ng
kaniyang kaalaman ay aariing ganap ng aking matuwid na
lingkod ang marami; at dadalhin niya ang kanilang mga
kasamaan. **12** Kaya't hahatian ko siya ng bahagi na kasama
ng dakila, at kaniyang hahatiin ang samsam na kasama
ng malakas; sapagka't kaniyang idinulot ang kaniyang
kaluluwa sa kamatayan, at ibinilang na kasama ng mga
mananalangsang: gayon ma'y dinala niya ang kasalanan ng
marami, at namagitan sa mga mananalangsang.

**54** Umawit ka, Oh baog, ikaw na hindi nanganak; ikaw
ay magbiglang umawit, at humiyaw ng malakas, ikaw
na hindi nagdamdam ng panganganak: sapagka't higit ang
mga anak ng binawaan kay sa mga anak ng may asawa,
sabi ng Panginoon. **2** Iyong palakhin ang dako ng iyong
tolda, at maladlad ang mga tabing ng iyong mga tahanan;
huwag kang magurong: habaan mo ang iyong mga lubid,
at patibayin mo ang iyong mga tulos. **3** Sapagka't ikaw ay
lalago sa kanan at sa kaliwa; at ang iyong lahi ay magaari
ng mga bansa, at patatahanan ang mga gibang bayan. **4**
Huwag kang matakot; sapagka't ikaw ay hindi mapapahiya:
o malilito ka man; sapagka't hindi ka malalagay sa kahihiyan:
sapagka't iyong kalilimutan ang kahihiyan ng iyong kabataan,
at ang pula sa iyong pagkabao ay hindi mo maaalaala pa.
**5** Sapagka't ang May-lalang sa iyo ay iyong asawa; ang
Panginoon ng mga hukbo ay kaniyang pangalan: at ang
Banal ng Israel ay iyong Manunubos, ang Dios ng buong
lupa tatawagin siya. **6** Sapagka't tinawag ka ng Panginoon
na parang asawang kinalimutan namamanglaw sa kalooban,
parang asawa ng kabataan, pagka siya'y itinatakuwil, sabi
ng iyong Dios. **7** Sa sangdaling-sangdali ay kinalimutan kita;
nguni't pipisanin kita sa pamamagitan ng mga malaking
kaawaan. **8** Sa kaunting pagiinit ay ikinubli ko ang aking
mukha sa iyo sa isang sangdali; nguni't kinaawaan kita sa
pamamagitan ng walang hanggang kagandahang-loob, sabi
ng Panginoon, na iyong Manunubos. **9** Sapagka't ito ay
parang tubig ng panahon ni Noe sa akin; sapagka't kung
paanong ako'y sumumpa, na ang tubig ng panahon ni Noe
ay hindi na aahon pa sa lupa, gayon ako'y sumumpa na
hindi ako magiinit sa iyo, o sasaway sa iyo. **10** Sapagka't
ang mga bundok ay mangapapaalis, at ang mga burol ay
mangapapalipat; nguni't ang aking kagandahang-loob ay
hindi hihiwalay sa iyo, o ang akin mang tipan ng kapayapaan
ay maalis, sabi ng Panginoon na naaawa sa iyo. **11** Oh
ikaw na nagdadalamhati, na pinapaspas ng bagyo, at
hindi naaaliw, narito, aking ilalagay ang iyong mga bato
na may magandang mga kulay, at ilalapag ko ang iyong
mga patibayan na may mga zafiro. **12** At gagawin kong
mga rubi ang iyong mga dungawan, at mga karbungko ang
iyong mga pintuang-bayan, at mga mahahalagang bato
ang iyong lahat na hangganan. **13** At lahat mong anak ay
tuturuan ng Panginoon; at magiging malaki ang kapayapaan
ng iyong mga anak. **14** Sa katuwiran ay matatatag ka:
ikaw ay malalayo sa kapighatian sapagka't yao'y hindi mo
katatakutan; at sa kakilabutan, sapagka't hindi lalapit sa iyo.
**15** Narito, sila'y magkakapisan, nguni't hindi sa pamamagitan
ko: sinomang magpipisan laban sa iyo ay mabubuwal dahil
sa iyo. **16** Narito, aking nilalang ang panday na humihihip sa
mga baga, at naglalabas ng kasangkapan para sa kaniyang
gawa; at aking nilalang ang manglilipol upang manglipol. **17**
Walang almas na ginawa laban sa iyo ay pakikinabangan at
bawa't dila na gagalaw laban sa iyo sa kahatulan ay iyong
hahatulan. Ito ang mana ng mga lingkod ng Panginoon, at
ang katuwiran nila ay sa akin, sabi ng Panginoon.

**55** Oh lahat na nangauuhaw, magsiparito kayo sa tubig
at siyang walang salapi; magsiparito kayo, kayo'y
magsibili, at magsikain; oo, kayo'y magsiparito, kayo'y
magsibili ng alak at gatas ng walang salapi at walang
bayad. **2** Ano't kayo'y nangaggugugol ng salapi sa hindi
pagkain? at ng inyong gawa sa hindi nakabubusog? inyong
pakinggan ako, at magsikain kayo ng mabuti, at mangalugod
kayo sa katabaan. **3** Inyong ikiling ang inyong tainga, at
magsiparito kayo sa akin; kayo'y magsipakinig, at ang inyong
kaluluwa ay mabubuhay: at ako'y makikipagtipan sa inyo ng
walang hanggan, sa makatuwid baga'y ng tunay na mga
kaawaan ni David. **4** Narito, ibinigay ko siya na pinakasaksi
sa mga bayan, na patnubay at tagapagutos sa mga bayan.
**5** Narito, ikaw ay tatawag ng bansa na hindi mo nakikilala;
at bansa na hindi ka nakikilala ay tatakbo sa iyo, dahil sa
Panginoon mong Dios, at dahil sa Banal ng Israel; sapagka't
kaniyang niluwalhati ka. **6** Inyong hanapin ang Panginoon
samantalang siya'y masusumpungan, magsitawag kayo sa
kaniya samantalang siya'y malapit: **7** Lisanin ng masama
ang kaniyang lakad, at ng liko ang kaniyang mga pagiisip; at
manumbalik siya sa Panginoon, at kaaawaan niya siya; at
sa aming Dios, sapagka't siya'y magpapatawad ng sagana.
**8** Sapagka't ang aking mga pagiisip ay hindi ninyo mga
pagiisip, o ang inyo mang mga lakad ay aking mga lakad,
sabi ng Panginoon. **9** Sapagka't kung paanong ang langit

ay lalong mataas kay sa lupa, gayon ang aking mga lakad
ay lalong mataas kay sa inyong mga lakad, at ang aking
mga pagiisip kay sa inyong mga pagiisip. 10 Sapagka't kung
paanong ang ulan ay lumalagpak at ang niebe ay mula sa
langit, at hindi bumabalik doon, kundi dinidilig ang lupa, at
pinasisibulan at pinatutubuan ng halaman, at nagbibigay ng
binhi sa maghahasik at pagkain sa mangangain; 11 Magiging
gayon ang aking salita na lumalabas sa bibig ko: hindi babalik
sa akin na walang bunga, kundi gaganap ng kinalulugdan ko,
at giginhawa sa bagay na aking pinagsuguan. 12 Sapagka't
kayo'y magsisilabas na may kagalakan, at papatnubayang
may kapayapaan: ang mga bundok at ang mga burol ay
magsisibulas ng pagawit sa harap ninyo, at ipapakpak ng
lahat na punong kahoy sa parang ang kanilang mga kamay.
13 Kahalili ng tinik ay tutubo ang puno ng abeto; at kahalili ng
dawag ay tutubo ang arayan: at sa Panginoon ay magiging
pinaka pangalan, pinaka walang hanggang tanda na hindi
mapaparam.

**56** Ganito ang sabi ng Panginoon, Kayo'y mangagingat
ng kahatulan, at magsigawa ng katuwiran; sapagka't
ang aking pagliligtas ay malapit nang darating, at ang
aking katuwiran ay mahahayag. 2 Mapalad ang taong
gumagawa nito, at ang anak ng tao na nanghahawak dito;
na nangingilin ng sabbath upang huwag lapastanganin, at
nagiingat ng kaniyang kamay sa paggawa ng anomang
kasamaan. 3 At huwag ding magsalita ang taga ibang
lupa, na nalakip sa Panginoon, na magsasabi, Tunay na
ihihiwalay ako ng Panginoon sa kaniyang bayan; at huwag
ding magsabi ang bating, Narito, ako'y punong kahoy na
tuyo. 4 Sapagka't ganito ang sabi ng Panginoon tungkol
sa mga bating na nangingilin ng aking mga sabbath, at
pumipili ng mga bagay na nakalulugod sa akin, at nagiingat
ng aking tipan: 5 Sila'y bibigyan ko sa aking bahay at sa
loob ng aking mga kuta, ng alaala at pangalan na maigi
kay sa mga anak na lalake at babae; aking bibigyan sila
ng walang hanggang pangalan, na hindi mapaparam. 6
Gayon din ang mga taga ibang lupa, na nakikilakip sa
Panginoon, upang magsipangasiwa sa kaniya, at magsiibig
sa pangalan ng Panginoon, upang magsipangasiwa sa
kaniya, at magsiibig sa pangalan ng Panginoon, upang
maging kaniyang mga lingkod, bawa't nangingilin ng sabbath
upang huwag lapastangin, at nagiingat ng aking tipan;
7 Sila ay dadalhin ko sa aking banal na bundok, at
papagkakatuwain ko sila sa aking bahay na dalanginan:
ang kanilang mga handog na susunugin at ang kanilang
mga hain ay tatanggapin sa aking dambana; sapagka't ang
aking bahay ay tatawaging bahay na panalanginan para sa
lahat ng mga bayan. 8 Ang Panginoong Dios na pumipisan
ng mga itinapon sa Israel ay nagsasabi, Magpipisan pa
ako ng mga iba sa kaniya, bukod sa kaniyang sarili na
nangapisan. 9 Kayong lahat na mga hayop sa parang, kayo'y
magsiparitong lumamon, oo, kayong lahat na mga hayop sa
gubat. 10 Ang kaniyang mga bantay ay mga bulag, silang
lahat ay walang kaalaman; silang lahat ay mga piping aso,
sila'y hindi makatahol; mapanaginipin, mapaghiga, maibigin
sa pagidlip. 11 Oo, ang mga aso ay matatakaw, sila'y kailan
man ay walang kabusugan; at ang mga ito ay mga pastor na
hindi nangakakaunawa: sila'y nagsilikong lahat sa kanilang
sariling daan na mula sa lahat ng dako, bawa't isa'y sa
kaniyang pakinabang. 12 Kayo'y magsiparito, sabi nila, ako'y
magdadala ng alak, at magpatid-uhaw tayo sa matapang na
inumin; at bukas ay magiging gaya ng araw na ito, dakilang
araw, na walang kapantay.

**57** Ang matuwid na namamatay, at walang taong
nagdadamdam; at mga taong mahabagin ay
pumapanaw, walang gumugunita na ang matuwid ay
naalis sa kasamaan na darating. 2 Siya'y nanasok sa
kapayapaan; sila'y nagpapahinga sa kanilang mga higaan
bawa't lumalakad sa kaniyang katuwiran. 3 Nguni't magsilapit
kayo rito, kayong mga anak ng babaing manghuhula, na
lahi ng mangangalunya at ng patutot. 4 Laban kanino
nakipagaglahian kayo? laban kanino nagluluwang kayo ng
bibig, at naglalawit ng dila? hindi baga kayo mga anak
ng pagsalangsang, lahing sinungaling, 5 Kayong mga
nangagaalab sa inyong sarili sa gitna ng mga encina, sa
ilalim ng bawa't sariwang punong kahoy; na pumapatay ng
mga anak sa mga libis, sa mga bitak ng mga bato sa mga
bangin? 6 Nasa gitna ng mga makinis na bato sa libis ang
iyong bahagi; sila, sila ang iyong bahagi; sa kanila ka nga
nagbuhos ng inuming handog, ikaw ay naghandog ng alay.
Matatahimik baga ako sa mga bagay na ito? 7 Sa isang
mataas at matayog na bundok ay inilagay mo ang iyong
higaan; doon ka naman sumampa upang maghandog ng
hain. 8 At sa likod ng mga pintuan at ng mga tukod ay itinaas
mo ang iyong alaala: sapagka't ikaw ay nagpakahubad sa
iba kay sa akin, at ikaw ay sumampa; iyong pinalaki ang
iyong higaan, at nakipagtipan ka sa kanila: iyong inibig ang
kanilang higaan saan mo man makita. 9 At ikaw ay naparoon
sa hari na may pahid na langis, at iyong pinarami ang iyong
mga pabango, at iyong sinugo ang iyong mga sugo sa
malayo, at ikaw ay nagpakababa hanggang sa Sheol. **(Sheol
h7585)** 10 Ikaw ay napagod sa kahabaan ng iyong lakad;
gayon ma'y hindi mo sinabi, Walang kabuluhan: ikaw ay
nakasumpong ng kabuhayan ng iyong lakas; kaya't hindi ka
nanglupaypay. 11 At kanino ka nangilabot at natakot, na ikaw
ay nagsisinungaling, at hindi mo ako inalaala, o dinamdam
mo man? hindi baga ako tumahimik na malaong panahon, at
hindi mo ako kinatatakutan. 12 Aking ipahahayag ang iyong

katuwiran; at tungkol sa iyong mga gawa, ang mga yaong
hindi makikinabang sa iyo. 13 Pagka ikaw ay humihiyaw,
iligtas ka nila na iyong pinisan; nguni't tatangayin sila ng
hangin, isang hinga ay tatangay sa kanila: nguni't siyang
naglalagak ng kaniyang tiwala sa akin ay magaari ng lupain,
at magmamana ng aking banal na bundok. 14 At kaniyang
sasabihin, inyong patagin, inyong patagin, inyong ihanda
ang lansangan, inyong alisin ang katitisuran sa lansangan
ng aking bayan. 15 Sapagka't ganito ang sabi ng Mataas at
Matayog na tumatahan sa walang hanggan, na ang pangalan
ay Banal; Ako'y tumatahan sa mataas at banal na dako na
kasama rin niya na may pagsisisi at pagpapakumbabang-
loob, upang bumuhay ng loob ng nagpapakumbaba, at
upang bumuhay ng puso ng nagsisisi. 16 Sapagka't hindi ako
makikipagtalo magpakailan man, o mapopoot man akong
lagi; sapagka't ang diwa ay manglulupaypay sa harap ko, at
ang mga kaluluwa na aking ginawa. 17 Dahil sa kasamaan
ng kaniyang kasakiman ay napoot ako, at sinaktan ko siya;
aking ikinubli ang aking mukha at ako'y napoot; at siya'y
yumaong nanghimagsik ng lakad ng kaniyang puso. 18 Aking
nakita ang kaniyang mga lakad, at pagagalingin ko siya; akin
ding papatnubayan siya, at bibigyan ko ng mga kaaliwan
siya, at ang kaniyang nanganananangis. 19 Aking nililikha ang
bunga ng mga labi: Kapayapaan, kapayapaan, sa kaniya
na malayo at sa kaniya na malapit, sabi ng Panginoon; at
aking pagagalingin siya. 20 Nguni't ang masama ay parang
maunos na dagat; sapagka't hindi maaring humusay, at
ang kaniyang tubig ay umaalimbukay ng burak at dumi. 21
Walang kapayapaan, sabi ng aking Dios, sa mga masama.

**58** Humiyaw ka ng malakas, huwag kang magpigil, ilakas
mo ang iyong tinig na parang pakakak, at iyong
ipahayag sa aking bayan ang kanilang pagsalangsang, at
sa sangbahayan ni Jacob ang kanilang mga kasalanan. 2
Gayon ma'y hinahanap nila ako araw-araw, at kinalulugdan
nilang maalaman ang aking mga daan: na gaya ng bansa
na gumawang matuwid, at hindi lumimot ng alituntunin ng
kanilang Dios, hinihingan nila ako ng mga palatuntunan
ng katuwiran; sila'y nangalulugod na magsilapit sa Dios. 3
Ano't kami ay nangagayuno, sabi nila, at hindi mo nakikita?
ano't aming pinagdalamhati ang aming kaluluwa, at hindi mo
napapansin? Narito, sa kaarawan ng inyong pagaayuno ay
masusumpungan ninyo ang inyong sariling kalayawan, at
inyong hinihingi ang lahat ninyong gawa. 4 Narito, kayo'y
nangagaayuno para sa pakikipagkaalit at pakikipagtalo,
at upang manakit ng suntok ng kasamaan: hindi kayo
nangagaayuno sa araw na ito, upang inyong iparinig ang
inyong tinig sa itaas. 5 Iyan baga ang ayuno na aking
pinili? ang araw na pagdadalamhatiin ng tao ang kaniyang
kaluluwa? Ang iyuko ang kaniyang ulo na parang yantok, at
maglatag ng magaspang na kayo at abo sa ilalim niya? iyo
bang tatawagin ito na ayuno, at kalugodlugod na araw sa
Panginoon? 6 Hindi baga ito ang ayuno na aking pinili: na
kalagin ang mga tali ng kasamaan, na pagaanin ang mga
pasan at papaging layain ang napipighati, at iyong alisin
ang lahat na atang? 7 Hindi baga ang magbahagi ng iyong
tinapay sa gutom, at dalhin mo sa iyong bahay ang dukha
na walang tuluyan? pagka nakakakita ka ng hubad, na iyong
bihisan; at huwag kang magkubli sa iyong kapuwa-tao? 8
Kung magkagayo'y sisikat ang iyong liwanag na parang
umaga, at ang iyong kagalingan ay biglang lilitaw; at ang
iyong katuwiran ay mangunguna sa iyo; ang kaluwalhatian
ng Panginoon ay magiging iyong bantay likod. 9 Kung
magkagayo'y tatawag ka, at ang Panginoon ay sasagot; ikaw
ay dadaing, at siya'y magsasabi, Narito ako. Kung iyong alisin
sa gitna mo ang atang, ang pagtuturo, at ang pagsasalita ng
masama: 10 At kung magmamagandang-loob ka sa gutom,
at iyong sisiyahan ng loob ang nagdadalamhating kaluluwa;
kung magkagayo'y sisilang ang iyong liwanag sa kadiliman,
at ang iyong kadiliman ay magiging parang katanghaliang
tapat; 11 At papatnubayan ka ng Panginoon na palagi, at
sisiyahan ng loob ang iyong kaluluwa sa mga tuyong dako, at
palalakasin ang iyong mga buto; at ikaw ay magiging parang
halamang nadilig, at parang bukal ng tubig, na ang tubig
ay hindi naglilikat. 12 At silang magiging iyo ay magtatayo
ng mga dating sirang dako; ikaw ay magbabangon ng mga
patibayan ng maraming sali't saling lahi; at ikaw ay tatawagin
Ang tagapaghusay ng sira, Ang tagapagsauli ng mga landas
na matatahanan. 13 Kung iyong iurong ang iyong paa sa
sabbath, sa paggawa ng iyong kalayawan sa aking banal na
kaarawan; at iyong tawagin ang sabbath na kaluguran, at
ang banal ng Panginoon na marangal; at iyong pararangalan,
na hindi ka lalakad sa iyong mga sariling lakad, ni hahanap
ng iyong sariling kalayawan, ni magsasalita ng iyong mga
sariling salita: 14 Kung magkagayo'y malulugod ka nga sa
Panginoon; at pangangabayuhin kita sa mga mataas na
dako sa lupa; at pakakanin kita ng mana ni Jacob na iyong
ama; sapagka't sinalita ng bibig ng Panginoon.

**59** Narito, ang kamay ng Panginoon ay hindi umiksi, na
di makapagligtas; ni hindi man mahina ang kaniyang
pakinig, na di makarinig. 2 Kundi pinapaghiwalay ng
inyong mga kasamaan kayo at ang inyong Dios, at ang
inyong mga kasalanan ay siyang nagpakubli ng kaniyang
mukha sa inyo, upang siya'y huwag makinig. 3 Sapagka't
ang inyong mga kamay ay nadumhan ng dugo, at ang
inyong mga daliri ng kasamaan; ang inyong mga labi ay
nangagsalita ng mga kasinungalingan, ang inyong dila
ay nagsasalita ng kasamaan. 4 Walang dumadaing ng
katuwiran at walang nananangalang ng katotohanan: sila'y

nagsisitiwala sa walang kabuluhan, at nangagsasalita ng
mga kasinungalingan; sila'y nangaglilihi ng kalikuan, at
nanganganak ng kasamaan. 5 Sila'y pumipisa ng mga itlog
ng ahas, at gumagawa ng bahay gagamba: ang kumakain ng
kanilang itlog ay namamatay; at ang napipisa ay nilalabasan
ng ulupong. 6 Ang kanilang mga bahay gagamba ay hindi
magiging mga kasuutan, o magsusuot man sila ng kanilang
mga gawa: ang kanilang mga gawa ay mga gawa ng
kasamaan, at ang kilos ng karahasan ay nasa kanilang mga
kamay. 7 Tinatakbo ng kanilang mga paa ang kasamaan, at
sila'y nangagmamadaling magbubo ng walang salang dugo:
ang kanilang mga pagiisip ay mga pagiisip ng kasamaan;
kawasakan at kagibaan ay nasa kanilang mga landas. 8 Ang
daan ng kapayapaan ay hindi nila nalalaman: at walang
kahatulan sa kanilang mga lakad: sila'y nagsigawa para sa
kanila ng mga likong landas; sinomang lumalakad doon ay
hindi nakakaalam ng kapayapaan. 9 Kaya't ang kahatulan
ay malayo sa amin, o umaabot man sa amin ang katuwiran:
kami'y nagsisihanap ng liwanag, nguni't narito, kadiliman;
ng kaliwanagan, nguni't nagsisilakad kami sa kadiliman. 10
Kami'y nagsisikapa sa bakod na parang bulag, oo, kami'y
nagsisikapa na gaya nila na walang mga mata: kami'y
nangatitisod sa katanghaliang tapat na gaya sa gabi; sa gitna
ng mga malakas, kami'y parang mga patay. 11 Kaming lahat
ay nagsisiungol na parang mga oso, at lubhang dumadaing
na parang mga kalapati: kami'y nagsisihanap ng kahatulan,
nguni't wala; ng kaligtasan, nguni't malayo sa amin. 12
Sapagka't ang aming mga pagsalangsang ay dumami sa
harap mo, at ang aming mga kasalanan ay nagpapatotoo
laban sa amin; sapagka't ang aming mga pagsalangsang
ay sumasaamin, at tungkol sa aming mga kasamaan ay
nababatid namin. 13 Pagsalangsang at pagsisinungaling sa
Panginoon at sa pagtigil ng pagsunod sa aming Dios, sa
pagsasalita ng pagpighati at panghihimagsik, sa pagaakala
at paghango sa puso ng mga salitang kasinungalingan.
14 At ang kahatulan ay tumatalikod, at ang katuwiran ay
tumatayo sa malayo; sapagka't ang katotohanan ay nahulog
sa lansangan, at ang karampatan ay hindi makapasok. 15
Oo, ang katotohanan ay nagkukulang, at siyang humihiwalay
sa kasamaan ay nagiging sa kaniyang sarili na huli. At
nakita ng Panginoon, at isinama ng kaniyang loob na
walang kahatulan. 16 At kaniyang nakita na walang tao, at
namangha na walang tagapamagitan: kaya't ang kaniyang
sariling bisig ay nagdala ng kaligtasan sa kaniya; at ang
kaniyang katuwiran ay umalalay sa kaniya. 17 At siya'y
nagsuot ng katuwiran na wari sapyaw, at ng turbante ng
kaligtasan sa kaniyang ulo at siya'y nagsuot ng mga bihisan
ng panghihiganti na pinakadamit, at nagbihis ng sikap na
wari balabal. 18 Ayon sa kanilang mga gawa, ay gayon
niya gagantihin, pusok ng loob sa kaniyang mga kaaway,
kagantihan sa kaniyang mga kaalit; sa mga pulo ay gaganti
siya ng kagantihan. 19 Sa gayo'y katatakutan nila ang
pangalan ng Panginoon mula sa kalunuran, at ang kaniyang
kaluwalhatian ay mula sa sikatan ng araw sapagka't siya'y
darating na parang bugso ng tubig na pinayaon ng hinga ng
Panginoon. 20 At isang Manunubos ay paroroon sa Sion, at
sa kanila, na nangaghihiwalay sa Jacob ng pagsalangsang,
sabi ng Panginoon. 21 At tungkol sa akin, ito ang aking tipan
sa kanila, sabi ng Panginoon: ang aking Espiritu na nasa
iyo, at ang aking mga salita na inilagay ko sa iyong bibig,
hindi hihiwalay sa iyong bibig, o sa bibig man ng iyong lahi,
o sa bibig man ng angkan ng iyong lahi, sabi ng Panginoon,
mula ngayon at magpakailan pa man.

**60** Ikaw ay bumangon, sumilang ka: sapagka't ang
iyong liwanag ay dumating, at ang kaluwalhatian ng
Panginoon ay sumikat sa iyo. 2 Sapagka't narito, tatakpan
ng kadiliman ang lupa, at ng salimuot na dilim ang mga
bayan: nguni't ang Panginoon ay sisikat sa iyo, at ang
kaniyang kaluwalhatian ay makikita sa iyo. 3 At ang mga
bansa ay paroroon sa iyong liwanag, at ang mga hari sa
ningning ng iyong sikat. 4 Imulat mo ang iyong mata sa
palibot, at ikaw ay tumingin: silang lahat ay nangagpipisan,
sila'y nagsiparoon sa iyo: ang iyong mga anak na lalake
ay mangagmumula sa malayo at ang iyong mga anak
na babae ay kakalungin. 5 Kung magkagayon ikaw ay
makakakita at maliliwanagan ka, at ang iyong puso ay
titibok at lalaki; sapagka't ang kasaganaan ng dagat ay
mababalik sa iyo, ang kayamanan ng mga bansa ay darating
sa iyo. 6 Tatakpan ka ng karamihan ng kamelyo, ng mga
dromedario sa Madian at sa Epha; magsisipanggaling na
lahat mula sa Seba: mangagdadala ng ginto at kamangyan,
at magtatanyag ng mga kapurihan ng Panginoon. 7 Lahat ng
kawan sa Cedar ay mapipisan sa iyo, ang mga lalaking tupa
sa Nebayoth ay mangahahain sa akin: sila'y kalugodlugod,
na tatanggapin sa aking dambana, at aking luluwalhatiin
ang bahay ng aking kaluwalhatian. 8 Sino ang mga ito na
lumalakad na parang alapaap at parang mga kalapati sa
kanilang mga dungawan? 9 Tunay na ang mga pulo ay
mangaghihintay sa akin, at ang mga sasakyang dagat ng
Tarsis ay siyang mangunguna, upang dalhin ang iyong mga
anak mula sa malayo, ang kanilang pilak at kanilang ginto na
kasama nila, dahil sa pangalan ng Panginoon mong Dios,
at dahil sa Banal ng Israel, sapagka't kaniyang niluwalhati
ka. 10 At itatayo ng mga taga ibang lupa ang iyong mga
kuta, at ang kanilang mga hari ay magsisipangasiwa sa
iyo: sapagka't sa aking poot ay sinaktan kita, nguni't sa
aking biyaya ay naawa ako sa iyo. 11 Ang iyo namang mga
pintuang-bayan ay mabubukas na lagi; hindi masasara sa

araw o sa gabi man; upang ang mga tao ay mangagdala sa
iyo ng kayamanan ng mga bansa, at ang kanilang mga hari
ay makakasama nila. **12** Sapagka't yaong bansa at kaharian
na hindi maglilingkod sa iyo ay mamamatay; oo, ang mga
bansang yaon ay malilipol na lubos. **13** Ang kaluwalhatian
ng Libano ay darating sa iyo, ang puno ng abeto, ng pino,
at ng boj na magkakasama, upang pagandahin ang dako
ng aking santuario; at aking gagawin ang dako ng aking
mga paa na maluwalhati. **14** At ang mga anak nila na
dumalamhati sa iyo ay magsisiparoong yuyuko sa iyo; at
silang lahat na nagsisihamak sa iyo ay magpapatirapa sa
mga talampakan ng iyong mga paa; at tatanawin ka nila
Ang bayan ng Panginoon, Ang Sion ng Banal ng Israel. **15**
Yamang ikaw ay napabayaan at ipinagtanim, na anopa't
walang tao na dumadaan sa iyo, gagawin kitang walang
hanggang karilagan, na kagalakan ng maraming sali't saling
lahi. **16** Ikaw naman ay iinom ng gatas ng mga bansa, at
sususo sa mga suso ng mga hari; at iyong malalaman na
akong Panginoon ay Tagapagligtas sa iyo, at Manunubos sa
iyo, Makapangyarihan ng Jacob. **17** Kahalili ng tanso ay
magdadala ako ng ginto, at kahalili ng bakal ay magdadala
ako ng pilak, at kahalili ng kahoy ay tanso, at kahalili ng
mga bato ay bakal. Akin namang gagawin na iyong mga
pinuno ang kapayapaan, at ang iyong mga maniningil ay
katuwiran. **18** Karahasan ay hindi na maririnig sa iyong
lupain, ni ang kawasakan o kagibaan sa loob ng iyong mga
hangganan; kundi tatawagin mo ang iyong mga kuta ng
Kaligtasan, at ang iyong mga pintuang-bayan na Kapurihan.
**19** Ang araw ay hindi na magiging iyong liwanag sa araw; o
ang buwan man ay magbibigay sa iyo ng liwanag: kundi
ang Panginoon ay magiging sa iyo ay walang hanggang
liwanag, at ang iyong Dios ay iyong kaluwalhatian. **20** Ang
iyong araw ay hindi na lulubog, o ang iyo mang buwan
ay lulubog; sapagka't ang Panginoon ay magiging iyong
walang hanggang liwanag, at ang mga kaarawan ng iyong
pagtangis ay matatapos. **21** Ang iyong bayan naman ay
magiging matuwid na lahat; sila'y mangagmamana ng lupain
magpakailan man, ang sanga ng aking pananim, ang gawa
ng aking mga kamay, upang ako'y luwalhatiin. **22** Ang munti
ay magiging isang libo, at ang maliit ay magiging matibay na
bansa: akong Panginoon, ay papapangyarihin kong madali
sa kapanahunan.

**61** Ang Espiritu ng Panginoong Dios ay sumasa akin;
sapagka't pinahiran ako ng Panginoon upang ipangaral
ang mabubuting balita sa mga maamo; kaniyang sinugo
ako upang magpagaling ng mga bagbag na puso, upang
magtanyag ng kalayaan sa mga bihag, at magbukas ng
bilangguan sa nangabibilanggo; **2** Upang magtanyag ng
kalugodlugod na taon ng Panginoon, at ng kaarawan ng
panghihiganti ng ating Dios; upang aliwin yaong lahat na
nagsisitangis; **3** Upang iukol sila na nagsisitangis sa Sion,
upang bigyan sila ng putong na bulaklak na kahalili ng mga
abo, ng langis ng kagalakan na kahalili ng pagtangis, ng
damit ng kapurihan na kahalili ng kabigatan ng loob; upang
sila'y matawag na mga punong kahoy ng katuwiran, na
pananim ng Panginoon upang siya'y luwalhatiin. **4** At sila'y
magtatayo ng mga dating sira, sila'y magbabangon ng mga
dating giba, at kanilang huhusayin ang mga sirang bayan,
ang mga nagiba sa maraming sali't saling lahi. **5** At ang mga
taga ibang lupa ay magsisitayo at mangagpapastol ng inyong
mga kawan, at ang mga taga ibang lupa ay magiging inyong
mga mangaararo at mangungubasan. **6** Nguni't kayo'y
tatawaging mga saserdote ng Panginoon; tatawagin kayo
ng mga tao na mga tagapangasiwa ng ating Dios: kayo'y
magsikain ng kayamanan ng mga bansa, at sa kanilang
kaluwalhatian ay mangagmamapuri kayo. **7** Kahalili ng
inyong kahihiyan ay nagtatamo kayo ng ibayong karangalan;
at kahalili ng pagkalito ay magagalak sila sa kanilang bahagi:
kaya't sa kanilang lupain ay mangagaari sila ng ibayong
kasaganaan, walang hanggang kagalakan ang mapapasa
kanila. **8** Sapagka't ako, ang Panginoon, ay umiibig ng
kahatulan, aking ipinagtatanim ang pagnanakaw sangpu
ng kasamaan; at aking ibibigay sa kanila ang kanilang
kagantihan sa katotohanan, at ako'y makikipagtipan sa
kanila ng walang hanggan. **9** At ang kanilang lahi makikilala
sa gitna ng mga bansa, at ang kanilang lahi sa gitna ng mga
bayan: lahat na nangakakakita sa kanila ay mangakakakilala
sa kanila, na sila ang lahi na pinagpala ng Panginoon.
**10** Ako'y magagalak na mainam sa Panginoon, ang aking
kaluluwa ay magagalak sa aking Dios; sapagka't binihisan
niya ako ng mga damit ng kaligtasan; kaniyang tinakpan ako
ng balabal ng katuwiran, gaya ng kasintahang lalake na
nagpuputong ng putong na bulaklak, at gaya ng kasintahang
babae na naggagayak ng kaniyang mga hiyas. **11** Sapagka't
kung paanong ang lupa'y nagsisibol ng pananim, at kung
paanong ang halamanan ay nagsisibol ng mga bagay na
natanim sa kaniya; gayon pasisibulin ng Panginoong Dios
ang katuwiran at kapurihan sa harap ng lahat na bansa.

**62** Dahil sa Sion ay hindi ako tatahimik, at dahil sa
Jerusalem ay hindi ako magpapahinga, hanggang sa
ang kaniyang katuwiran ay lumitaw na parang ningning, at
ang kaniyang kaligtasan ay parang ilawan na nagniningas. **2**
At makikita ng mga bansa ang iyong katuwiran, at ng lahat
na hari ang inyong kaluwalhatian; at ikaw ay tatawagin sa
bagong pangalan, na ipangangalan ng bibig ng Panginoon.
**3** Ikaw naman ay magiging putong ng kagandahan sa kamay
ng Panginoon, at diademang hari sa kamay ng iyong Dios.
**4** Hindi ka na tatawagin pang Pinabayaan; hindi na rin

tatawagin pa ang iyong lupain na Giba: kundi ikaw ay
tatawaging Hephzi-bah, at ang iyong lupain ay Beulah:
sapagka't ang Panginoon ay nalulugod sa iyo, at ang iyong
lupain ay tatangkilikin. **5** Sapagka't kung paanong ang binata
ay nakikipagtipan sa dalaga, gayon nakikipagtipan ang iyong
mga anak na lalake sa iyo; at kung paanong ang kasintahang
lalake ay nagagalak sa kasintahang babae, gayon magagalak
ang Dios sa iyo. **6** Ako'y naglagay ng mga bantay sa
iyong mga kuta, Oh Jerusalem; sila'y hindi magsisitahimik
kailan man sa araw o sa gabi: kayong mga mapagalaala sa
Panginoon, huwag kayong mangagpahinga, **7** At huwag
ninyong bigyan siya ng kapahingahan, hanggang sa siya'y
matatag, at hanggang sa kaniyang gawing kapurihan sa lupa
ang Jerusalem. **8** Ang Panginoon ay sumumpa ng kaniyang
kanang kamay, at ng bisig ng kaniyang kalakasan, Tunay na
hindi na ako magbibigay ng iyong trigo na pinakapagkain
sa iyong mga kaaway; at ang mga taga ibang lupa ay
hindi magsisiinom ng iyong alak, na iyong pinagpagalan. **9**
Kundi silang nangagimbak niyaon ay magsisikain niyaon,
at magsisipuri sa Panginoon; at silang nangagtipon niyaon
ay magsisiinom niyaon sa mga looban ng aking santuario.
**10** Kayo'y magsidaan, kayo'y magsidaan sa mga pintuang-
bayan; inyong ihanda ang lansangan ng bayan; inyong
patagin; inyong patagin ang maluwang na lansangan; inyong
pulutin ang mga bato; mangagtaas kayo ng watawat na
ukol sa mga bayan. **11** Narito, ang Panginoon ay nagtanyag
hanggang sa wakas ng lupa, Inyong sabihin sa anak na
babae ng Sion, Narito, ang iyong kaligtasan ay dumarating;
narito, ang kaniyang kagantihan ay nasa kaniya, at ang
kaniyang ganti ay nasa harap niya. **12** At tatawagin nila sila
Ang banal na bayan, Ang tinubos ng Panginoon: at ikaw ay
tatawagin Hinanap, Bayang hindi pinabayaan.

**63** Sino ito na nanggagaling sa Edom, na may mga
kasuutang tinina mula sa Bosra? itong maluwalhati sa
kaniyang suot, na lumalakad sa di kawasang lakas? Ako
na nagsasalita ng katuwiran, makapangyarihang magligtas.
**2** Bakit ka mapula sa iyong kasuutan, at ang iyong damit
ay gaya niyaong yumayapak sa alilisan ng alak? **3** Aking
niyapakang magisa ang alilisan ng alak; at sa mga bayan
ay walang isang sumasa akin: oo, aking niyapakan siya
sa aking galit, at aking niyurakan sila sa aking kapusukan;
at ang kanilang dugong buhay ay pumilansik sa aking
mga suot, at natigmak ang buong suot ko. **4** Sapagka't
ang kaarawan ng panghihiganti ay nasa aking puso, at
ang taon ng aking mga tinubos ay dumating. **5** At ako'y
lumingap, at walang tumulong; at ako'y namangha na walang
umalalay: kaya't iniligtas ako ng aking sariling kamay; at
ang aking kapusukan, ay umalalay sa akin. **6** At aking
niyapakan ang mga bayan sa aking galit, at nilango ko sila
sa aking kapusukan, at ibinubo sa lupa ang kanilang dugong
buhay. **7** Aking babanggitin ang mga kagandahang-loob
ng Panginoon, at ang mga kapurihan ng Panginoon, ayon
sa lahat na ipinagkaloob ng Panginoon sa amin, at ang
malaking kabutihan na kaniyang ginawa sa sangbahayan
ni Israel na kaniyang ginawa sa kanila ayon sa kaniyang
mga kaawaan, at ayon sa karamihan ng kaniyang mga
kagandahang-loob. **8** Sapagka't kaniyang sinabi, Tunay,
sila'y aking bayan, mga anak na hindi magsisigawang may
kasinungalingan: sa gayo'y siya'y naging Tagapagligtas sa
kanila. **9** Sa lahat nilang kadalamhatian ay nagdadalamhati
siya, at iniligtas sila ng anghel na nasa kaniyang harapan: sa
kaniyang pagibig at sa kaniyang pagkaawa ay tinubos niya
sila; at kaniyang kinilik sila at kinalong silang lahat noong
araw. **10** Nguni't sila'y nanganghimagsik, at namanglaw ang
kaniyang banal na Espiritu: kaya't siya'y naging kaaway
nila, at siya rin ang nakipaglaban sa kanila. **11** Nang
magkagayo'y inalaala niya ang mga araw nang una, si
Moises at ang kaniyang bayan, na sinasabi, Saan nandoon
siya na nagahon sa kanila mula sa dagat, na kasama ng
mga pastor ng kaniyang kawan? saan nandoon siya na
kumakasi ng kaniyang banal na Espiritu sa kanila? **12** Na
inaakbayan ng kaniyang maluwalhating bisig ang kanang
kamay ni Moises? na humawi ng tubig sa harap nila, upang
gawan ang kaniyang sarili ng walang hanggang pangalan?
**13** Na pumatnubay sa kanila sa mga kalaliman, na parang
isang kabayo sa ilang, upang sila'y huwag mangatisod?
**14** Kung paanong ang kawan na bumababa sa libis, ay
pinapagpapahinga ng Espiritu ng Panginoon: gayon mo
pinatnubayan ang iyong bayan, upang gawan mo ang iyong
sarili ng maluwalhating pangalan. **15** Tumungo ka mula sa
langit, at tumingin ka, mula sa tahanan ng iyong kabanalan
at ng iyong kaluwalhatian: saan nandoon ang iyong sikap
at ang iyong mga makapangyarihang gawa? ang iyong
pagmamagandang-loob at ang iyong mga habag ay iniurong
mo sa akin. **16** Sapagka't ikaw ay aming Ama, bagaman
hindi kami kinilala ni Abraham, at hindi kami kilala ng Israel:
ikaw, Oh Panginoon, ay aming Ama, aming Manunubos
na mula sa walang pasimula ay siya mong pangalan. **17**
Oh Panginoon; bakit mo kami iniligaw na inihiwalay sa
iyong mga daan, at pinapagmatigas mo ang aming puso
na inihiwalay sa takot sa iyo? Ikaw ay magbalik dahil sa
iyong mga lingkod, na mga lipi ng iyong mana. **18** Inaring
sangdali lamang ng iyong banal na bayan: niyapakan ng
aming mga kaaway ang iyong santuario. **19** Kami ay naging
gaya ng hindi mga pinagpupunuan kailan man, gaya ng hindi
nangatawag sa iyong pangalan.

**64** Oh buksan mo sana ang langit, na ikaw ay bumaba, na
ang mga bundok ay gumuho sa iyong harapan. **2** Gaya

ng kung nililiyaban ng apoy ang siitan, at ng kung pinakukulo
ng apoy ang tubig; upang ipakilala ang iyong pangalan sa
iyong mga kaaway, upang ang mga bansa ay manginig sa
iyong harapan! 3 Nang ikaw ay gumawa ng mga kakilakilabot
na bagay na hindi namin hinihintay, ikaw ay bumaba, ang
mga bundok ay gumuho sa iyong harapan. 4 Sapagka't
hindi narinig ng mga tao mula nang una, o naulinigan man
ng pakinig, o ang mata ay nakakita man ng Dios liban
sa iyo, na iginagawa niya ng kabutihan ang naghihintay
sa kaniya. 5 Iyong sinasalubong siya na nagagalak at
gumagawa ng katuwiran, yaong nagsialaala sa iyo sa iyong
mga daan: narito, ikaw ay napoot, at kami ay nagkasala:
napasa kanila kaming malaong panahon; at maliligtas baga
kami? 6 Sapagka't kaming lahat ay naging parang marumi,
at ang lahat naming katuwiran ay naging parang basahang
marumi: at nalalantang gaya ng dahon kaming lahat; at
tinatangay kami ng aming mga kasamaan, na parang hangin.
7 At walang tumatawag ng iyong pangalan, na gumigising
upang manghawak sa iyo; sapagka't ikinubli mo ang iyong
mukha sa amin, at iyong pinugnaw kami sa aming mga
kasamaan. 8 Nguni't ngayon, Oh Panginoon, ikaw ay aming
Ama; kami ang malagkit na putik, at ikaw ay magpapalyok
sa amin; at kaming lahat ay gawa ng iyong kamay. 9 Huwag
kang lubhang mapoot, Oh Panginoon, o umalaala man
ng kasamaan ng magpakailan man: narito, tingnan mo,
isinasamo namin sa iyo, kaming lahat ay iyong bayan. 10
Ang iyong mga bayang banal ay naging ilang, ang Sion ay
naging giba, ang Jerusalem ay sira. 11 Ang aming banal at
magandang bahay, na pinagpupurihan sa iyo ng aming mga
magulang ay nasunog sa apoy; at lahat naming maligayang
bagay ay nasira. 12 Magpipigil ka baga sa mga bagay na ito,
Oh Panginoon? ikaw baga'y tatahimik, at pagdadalamhatiin
mo kaming mainam?

**65** Ako'y napagsasangunian ng mga hindi nagsipagtanong
tungkol sa akin; ako'y nasusumpungan nila na hindi
nagsihanap sa akin: aking sinabi, Narito ako, narito ako, sa
bansa na hindi tinawag sa aking pangalan. 2 Aking iniunat
ang aking mga kamay buong araw sa mapanghimagsik
na bayan, na lumalakad sa daang hindi mabuti, ayon sa
kanilang sariling mga pagiisip; 3 Bayan na minumungkahi
akong palagi ng mukhaan, na naghahain sa mga halamanan,
at nagsusunog ng kamangyan sa ibabaw ng mga laryo;
4 Na nauupo sa gitna ng mga libingan, at tumitigil sa
mga lihim na dako; na kumakain ng laman ng baboy, at
ang sabaw ng mga kasuklamsuklam na mga bagay ay
nasa kanilang mga sisidlan; 5 Na nagsasabi, Humiwalay
ka, huwag kang lumapit sa akin, sapagka't ako'y lalong
banal kay sa iyo. Ang mga ito ay usok sa aking ilong,
apoy na nagliliyab buong araw. 6 Narito, nasulat sa harap
ko: hindi ako tatahimik, kundi ako'y gaganti, oo, ako'y
gaganti sa kanilang sinapupunan, 7 Ang inyong sariling mga
kasamaan, at ang mga kasamaan ng inyong mga magulang
na magkakasama, sabi ng Panginoon, na mangagsunog
ng kamangyan sa mga bundok, at nagsitungayaw sa akin
sa mga burol: ay susukatan ko nga ng kanilang unang
gawa sa kaniyang sinapupunan. 8 Ganito ang sabi ng
Panginoon, Kung paanong nasusumpungan ang bagong
alak sa kumpol, at may nagsasabi, Huwag mong sirain,
sapagka't iyan ay mapapakinabangan: gayon ang gagawin
ko sa ikagagaling ng aking mga lingkod, upang huwag
kong malipol silang lahat. 9 At ako'y maglalabas ng lahi
na mula sa Jacob, at mula sa Juda ng isang tagapagmana
ng aking mga bundok; at mamanahin ng aking pinili, at
tatahanan ng aking mga lingkod. 10 At ang Saron ay
magiging kulungan ng mga kawan, at ang libis ng Achor ay
dakong higaan ng mga bakahan, dahil sa aking bayan na
humanap sa akin. 11 Nguni't kayo, na nangagpapabaya sa
Panginoon, na nagsisilimot ng aking banal na bundok, na
nangaghahanda ng dulang para sa Kapalaran, at pinupuno
ang saro ng alak na haluan para sa Kaukulan; 12 Aking
iuukol kayo sa tabak, at kayong lahat ay magsisiyuko
sa patayan; sapagka't nang ako'y tumawag, kayo'y hindi
nagsisagot; nang ako'y magsalita, kayo'y hindi nangakinig;
kundi inyong ginawa ang masama sa harap ng aking mga
mata, at inyong pinili ang di ko kinaluluguran. 13 Kaya't
ganito ang sabi ng Panginoong Dios, Narito, ang aking
mga lingkod ay magsisikain, nguni't kayo'y mangagugutom;
narito, ang aking mga lingkod ay magsisiinom, nguni't
kayo'y mangauuhaw; narito, mangagagalak ang aking mga
lingkod, nguni't kayo'y mangapapahiya; 14 Narito, ang aking
mga lingkod ay magsisiawit dahil sa kagalakan ng puso,
nguni't kayo'y magsisidaing dahil sa kapanglawan ng puso,
at aangal dahil sa pagkabagbag ng loob. 15 At inyong
iiwan ang inyong pangalan na pinakasumpa sa aking mga
pinili, at papatayin ka ng Panginoong Dios; at kaniyang
tatawagin ang kaniyang mga lingkod ng ibang pangalan: 16
Na anopa't siyang nagpapala sa lupa ay magpapala sa Dios
ng katotohanan; at siyang sumusumpa sa lupa ay susumpa
sa pangalan ng Dios ng katotohanan; sapagka't ang mga
dating kabagabagan ay nalimutan, at sapagka't nangakubli
sa aking mga mata. 17 Sapagka't narito, ako'y lumilikha ng
mga bagong langit, at ng bagong lupa, at ang mga dating
bagay ay hindi maaalaala, o mapapasa isip man. 18 Nguni't
kayo'y mangatuwa at mangagalak magpakailan man sa
aking nilikha; sapagka't, narito, aking nililikha na kagalakan
ang Jerusalem, at kaligayahan ang kaniyang bayan. 19
At ako'y magagalak sa Jerusalem, at maliligaya sa aking
bayan; at ang tinig ng iyak ay hindi na maririnig pa sa kaniya,

o ang tinig man ng daing. 20 Hindi na magkakaroon mula
ngayon ng sanggol na mamamatay, o ng matanda man na
hindi nalubos ang kaniyang mga kaarawan; sapagka't ang
bata ay mamamatay na may isang daang taong gulang, at
ang makasalanan na may isang daang taon ang gulang ay
susumpain. 21 At sila'y mangagtatayo ng mga bahay, at ang
mga yao'y kanilang tatahanan; at sila'y mangaguubasan, at
magsisikain ng bunga niyaon. 22 Sila'y hindi magtatayo, at
iba ang tatahan; sila'y hindi magtatanim, at iba ang kakain;
sapagka't kung paano ang mga kaarawan ng punong kahoy,
ay magiging gayon ang mga kaarawan ng aking bayan, at
ang aking mga pinili ay mangagagalak na malaon sa gawa
ng kanilang mga kamay. 23 Sila'y hindi gagawa ng walang
kabuluhan, o manganganak man para sa kasakunaan,
sapagka't sila ang lahi ng mga pinagpala ng Panginoon, at
ang kanilang mga anak na kasama nila. 24 At mangyayari,
na bago sila magsitawag, sasagot ako; at samantalang sila'y
nangagsasalita, aking didinggin. 25 Ang lobo at ang kordero
ay manginginaing magkasama, at ang leon ay kakain ng
dayami na gaya ng baka; at alabok ang magiging pagkain
ng ahas. Sila'y hindi mananakit o magpapahamak man sa
aking buong banal na bundok, sabi ng Panginoon.

**66** Ganito ang sabi ng Panginoon, Ang langit ay aking
luklukan, at ang lupa ay aking tungtungan: anong
anyong bahay ang inyong itatayo sa akin? at anong dako
ang magiging aking pahingahan? 2 Sapagka't lahat ng
mga bagay na ito ay nilikha ng aking kamay, at sa gayo'y
nangyari ang lahat ng mga bagay na ito, sabi ng Panginoon:
nguni't ang taong ito ay titingnan ko, sa makatuwid baga'y
siyang dukha at may pagsisising loob, at nanginginig sa
aking salita. 3 Siyang pumapatay ng baka ay gaya ng
pumapatay ng tao; siyang naghahain ng kordero ay gaya
ng bumabali ng leeg ng aso; siyang naghahandog ng
alay ay gaya ng naghahandog ng dugo ng baboy; siyang
nagsusunog ng kamangyan ay gaya ng pumupuri sa isang
diosdiosan. Oo, sila'y nagsipili ng kanilang sariling mga
lakad, at ang kanilang kaluluwa ay nalulugod sa kanilang
mga kasuklamsuklam na bagay; 4 Akin namang pipiliin ang
kanilang mga kakutyaan, at dadalhan ko sila ng kanilang
takot, sapagka't nang ako'y tumawag, walang sumagot; nang
ako'y magsalita ay walang nakinig; kundi sila'y nagsigawa ng
masama sa harap ng aking mga mata, at pinili ang hindi ko
kinaluluguran. 5 Inyong pakinggan ang salita ng Panginoon,
ninyong nanginginig sa kaniyang salita, Ang inyong mga
kapatid na nangagtatanim sa inyo na nangagtatakuwil sa
inyo dahil sa akin, nangagsabi, Luwalhatiin ang Panginoon,
upang makita namin ang inyong kagalakan; nguni't sila'y
mangapapahiya. 6 Ang ingay ng kagulo na mula sa bayan,
ang tinig na mula sa templo, ang tinig ng Panginoon na
naggagawad ng kagantihan sa kaniyang mga kaaway. 7
Bago siya nagdamdam, siya'y nanganak; bago dumating
ang kaniyang paghihirap, siya'y nanganak ng isang lalake. 8
Sinong nakarinig ng ganyang bagay? sinong nakakita ng
ganyang mga bagay? ipanganganak baga ang lupain sa
isang araw? ilalabas bagang paminsan ang isang bansa?
sapagka't pagdaramdam ng Sion, ay nanganak ng kaniyang
mga anak. 9 Dadalhin ko baga sa kapanganakan, at hindi
ko ilalabas? sabi ng Panginoon; magsasara baga ako ng
bahay bata, akong nagpapanganak? sabi ng iyong Dios. 10
Kayo'y mangagalak na kasama ng Jerusalem, at mangatuwa
dahil sa kaniya, kayong lahat na nagsisiibig sa kaniya:
kayo'y mangagalak ng kagalakan na kasama niya, kayong
lahat na nagsisitangis dahil sa kaniya: 11 Upang kayo'y
makasuso at mabusog sa pamamagitan ng mga suso
ng kaniyang mga kaaliwan; upang kayo'y makagatas, at
malugod sa kasaganaan ng kaniyang kaluwalhatian. 12
Sapagka't ganito ang sabi ng Panginoon, Narito, ako'y
maggagawad ng kapayapaan sa kaniya na parang isang
ilog, at ang kaluwalhatian ng mga bansa ay parang malaking
baha, at inyong sususuhin yaon; kayo'y kikilikin, at lilibangin
sa mga tuhod. 13 Kung paanong ang sinoma'y inaaliw ng ina
gayon ko aaliwin kayo; at kayo'y mangaaliw sa Jerusalem.
14 At inyong makikita, at magagalak ang inyong puso, at ang
inyong mga buto ay giginhawang parang sariwang damo: at
ang kamay ng Panginoon ay makikilala sa kaniyang mga
lingkod, at siya'y magagalit laban sa kaniyang mga kaaway.
15 Sapagka't, narito, ang Panginoon ay darating na may
apoy, at ang kaniyang mga karo ay magiging parang ipoipo;
upang igawad ang kaniyang galit na may kapusukan, at ang
kaniyang saway na may ningas ng apoy. 16 Sapagka't sa
pamamagitan ng apoy makikipagpunyagi ang Panginoon, at
sa pamamagitan ng kaniyang tabak, sa lahat ng mga tao: at
ang mapapatay ng Panginoon ay magiging marami. 17 Silang
nangagpapakabanal, at nangagpapakalinis na nagsisiparoon
sa mga halamanan, sa likuran ng isa sa gitna, na nagsisikain
ng laman ng baboy, at ng kasuklamsuklam, at ng daga;
sila'y darating sa isang wakas na magkakasama, sabi ng
Panginoon. 18 Sapagka't kilala ko ang kanilang mga gawa
at ang kanilang mga pagiisip: ang panahon ay dumarating
na aking pipisanin ang lahat na bansa at ang mga may
iba't ibang wika; at sila'y magsisiparoon, at mangakikita ang
aking kaluwalhatian. 19 At ako'y maglalagay ng tanda sa
gitna nila, at aking susuguin ang mga nakatanan sa kanila
sa mga bansa, sa Tarsia, Pul, at Lud, na nagsisihawak
ng busog, sa Tubal at Javan, sa mga pulong malayo na
hindi nangakarinig ng aking kabantugan, o nakakita man
ng aking kaluwalhatian; at sila'y mangagpapahayag ng
aking kaluwalhatian sa gitna ng mga bansa. 20 At kanilang

dadalhin ang lahat ninyong mga kapatid mula sa lahat na
bansa na pinakahandog sa Panginoon, na nasasakay sa
mga kabayo, at sa mga karo, at sa mga duyan, at sa mga
mula, at sa mga maliksing hayop, sa aking banal na bundok
na Jerusalem, sabi ng Panginoon, gaya ng pagdadala ng
mga anak ni Israel ng kanilang handog sa malinis na sisidlan
sa bahay ng Panginoon. **21** At sa kanila rin naman ako
kukuha ng mga pinaka saserdote at mga pinaka Levita, sabi
ng Panginoon. **22** Sapagka't kung paanong ang mga bagong
langit at ang bagong lupa, na aking lilikhain ay mananatili sa
harap ko, sabi ng Panginoon, gayon mananatili ang inyong
lahi, at ang inyong pangalan. **23** At mangyayari, na mula sa
bagong buwan hanggang sa panibago, at mula sa isang
sabbath hanggang sa panibago, paroroon ang lahat na tao
upang sumamba sa harap ko, sabi ng Panginoon. **24** At
sila'y magsisilabas, at magsisitingin sa mga bangkay ng
mga taong nagsisalangsang laban sa akin: sapagka't ang
kanilang uod ay hindi mamamatay, o mamamatay man ang
kanilang apoy; at sila'y magiging kayamutan sa lahat ng
mga tao.

# Jeremias

1 Ang mga salita ni Jeremias na anak ni Hilcias, isa sa
mga saserdote na nasa Anathoth sa lupain ng Benjamin:
2 Na dinatnan ng salita ng Panginoon nang mga kaarawan
ni Josias na anak ni Amon, na hari sa Juda, nang ikalabing
tatlong taon ng kaniyang paghahari. 3 Dumating din nang
kaarawan ni Joacim na anak ni Josias, hari sa Juda, nang
katapusan nang ikalabing isang taon ni Sedechias, na
anak ni Josias, hari sa Juda, hanggang sa pagkabihag
ng Jerusalem nang ikalimang buwan. 4 Ang salita nga ng
Panginoon ay dumating sa akin, na nagsasabi, 5 Bago
kita inanyuan sa tiyan ay nakilala kita, at bago ka lumabas
sa bahay-bata ay pinapaging banal kita; inihalal kitang
propeta sa mga bansa. 6 Nang magkagayo'y sinabi ko, Ah,
Panginoong Dios! narito, hindi ako marunong magsalita:
sapagka't ako'y bata. 7 Nguni't sinabi sa akin ng Panginoon,
Huwag mong sabihin, Ako'y bata: sapagka't saan man
kita susuguin ay paroroon ka, at anomang iutos ko sa
iyo ay sasalitain mo. 8 Huwag kang matakot dahil sa
kanila; sapagka't ako'y sumasaiyo upang iligtas kita, sabi
ng Panginoon. 9 Nang magkagayo'y iniunat ng Panginoon
ang kaniyang kamay, at hinipo ang aking bibig; at sinabi sa
akin ng Panginoon, Narito, inilagay ko ang aking mga salita
sa iyong bibig: 10 Tingnan mo, aking pinapagpupuno ka
sa araw na ito sa mga bansa at sa mga kaharian, upang
magalis at magbagsak at upang magsira at magwasak,
upang magtayo at magtatag. 11 Bukod dito ay dumating
sa akin ang salita ng Panginoon, na nagsasabi, Jeremias,
anong nakikita mo? At aking sinabi, Ako'y nakakakita ng
isang tungkod na almendro. 12 Nang magkagayo'y sinabi ng
Panginoon sa akin, Iyong nakitang mabuti: sapagka't aking
iniingatan ang aking salita upang isagawa. 13 At ang salita
ng Panginoon ay dumating sa akin na ikalawa, na nagsasabi,
Ano ang iyong nakikita? At aking sinabi, Ako'y nakakakita ng
isang palyok na pinagpapakuluan; at paharap sa hilagaan.
14 Nang magkagayo'y sinabi ng Panginoon sa akin, Mula sa
hilagaan ay lalabasin ng kasamaan ang lahat na nananahan
sa lupain. 15 Sapagka't, narito, aking tatawagin ang lahat na
angkan ng mga kaharian sa hilagaan, sabi ng Panginoon;
at sila'y magsisiparoon, at sila'y maglalagay bawa't isa
ng kanikaniyang luklukan sa pasukan ng mga pintuang-
bayan ng Jerusalem, at laban sa lahat na kuta niyaon sa
palibot, at laban sa lahat na bayan ng Juda. 16 At aking
sasalitain ang aking mga kahatulan laban sa kanila tungkol
sa lahat nilang kasamaan, sa kanilang nangagpabaya sa
akin, at nangagsunog ng kamangyan sa ibang mga dios,
at nagsisamba sa mga gawa ng kanilang sariling mga
kamay. 17 Ikaw nga'y magbigkis ng iyong mga balakang, at
ikaw ay bumangon, at salitain mo sa kanila ang lahat na
iniuutos ko sa iyo: huwag kang manglupaypay sa kanila,
baka ikaw ay panglupaypayin ko sa harap nila. 18 Sapagka't,
narito, ginawa kita sa araw na ito, na nakukutaang bayan,
at pinakahaliging bakal, at pinaka kutang tanso, laban sa
buong lupain, laban sa mga hari sa Juda, laban sa mga
prinsipe niyaon, laban sa mga saserdote niyaon, at laban sa
bayan ng lupain. 19 At sila'y magsisilaban sa iyo; nguni't
hindi sila mangananaig laban sa iyo: sapagka't ako'y sumasa
iyo, sabi ng Panginoon, upang iligtas ka.

2 At ang salita ng Panginoon ay dumating sa akin,
na nagsasabi, 2 Ikaw ay yumaon, at humiyaw sa
mga pakinig ng Jerusalem, na iyong sabihin, Ganito ang
sabi ng Panginoon, Inaalaala ko sa ikabubuti mo ang
kagandahang-loob ng iyong kabataan, ang pagibig sa iyong
mga pagaasawa; kung paanong ikaw ay sumunod sa akin
sa ilang, sa lupain na hindi hinasikan. 3 Ang Israel ay
kabanalan sa Panginoon, na mga pangunang bunga ng
kaniyang halaman: lahat na nagsisisakmal sa kaniya ay
aariing salarin; kasamaan ay darating sa kanila, sabi ng
Panginoon. 4 Inyong dinggin ang salita ng Panginoon, Oh
sangbahayan ni Jacob, at lahat na angkan ng sangbahayan
ng Israel: 5 Ganito ang sabi ng Panginoon, Anong kalikuan
ang nasumpungan ng inyong mga magulang sa akin, na
sila'y nagsilayo sa akin, at nagsisunod sa walang kabuluhan,
at naging walang kabuluhan? 6 Hindi man nila sinabi, Saan
nandoon ang Panginoon na nagahon sa atin mula sa lupain
ng Egipto, na pumatnubay sa atin sa ilang, sa mga lupaing
ilang at bakobako, sa lupaing may pagkakatuyo at lilim ng
kamatayan, sa lupain na walang dumaraan at walang taong
tumatahan? 7 At dinala ko kayo sa saganang lupain, upang
kumain ng bunga niyaon at ng kabutihan niyaon; nguni't
nang kayo'y pumasok ay inyong hinawahan ang aking lupain,
at ginawa ninyong kasuklamsuklam ang aking mana. 8 Hindi
sinabi ng mga saserdote, Saan nandoon ang Panginoon? at
silang nagsisihawak ng kautusan ay hindi nakakilala sa akin:
ang mga pinuno naman ay nagsisalansang laban sa akin,
at ang mga propeta ay nanganghula sa pamamagitan ni
Baal, at nagsilakad na sumunod sa mga bagay na hindi
pinakikinabangan. 9 Kaya't ako'y makikipagtalo pa sa inyo,
sabi ng Panginoon, at sa mga anak ng inyong mga anak ay
makikipagtalo ako. 10 Sapagka't mangagdaan kayo sa mga
pulo ng Chittim, at tingnan, at kayo'y mangagsugo sa Cedar,
at mangagbulay na maingat; at inyong tingnan kung may
nangyaring ganiyang bagay. 11 Ipinagpalit baga ng isang
bansa ang kanilang mga dios, na hindi mga dios? nguni't
ipinagpalit ng aking bayan ang kanilang kaluwalhatian sa
hindi pinakikinabangan. 12 Mangagtaka kayo Oh kayong
mga langit, sa bagay na ito, at mangatakot ng kakilakilabot,

mangatuyo kang lubha, sabi ng Panginoon. 13 Sapagka't
ang bayan ko ay nagkamit ng dalawang kasamaan; kanilang
iniwan ako na bukal ng buhay na tubig, at nagsigawa sa
ganang kanila ng mga balon na mga sirang balon na hindi
malalamnan ng tubig. 14 Ang Israel baga'y alipin? siya
baga'y aliping ipinanganak sa bahay? bakit siya'y naging
samsam. 15 Ang mga batang leon ay nagsiungal sa kaniya, at
nagsihiyaw: at sinira nila ang kaniyang lupain; ang kaniyang
mga bayan ay nangasunog, na walang mananahan. 16
Binasag naman ng mga anak ng Memfis at ng Taphnes ang
bao ng iyong ulo. 17 Hindi mo baga pinapangyari ito sa
iyong sarili, dahil sa iyong pagpapabaya sa Panginoon mong
Dios, nang kaniyang patnubayan ka sa daan? 18 At ngayo'y
anong ipakikialam mo sa daan na patungo sa Egipto, upang
uminom ng tubig sa Sikor? o anong ipakikialam mo sa
daang patungo sa Asiria, upang uminom ng tubig sa ilog?
19 Sasawayin ka ng iyong sariling kasamaan, at sasawayin
ka ng iyong mga pagtalikod: talastasin mo nga at iyong
tingnan na masamang bagay at kapanglawpanglaw, na iyong
pinabayaan ang Panginoon mong Dios: at ang takot sa akin
ay wala sa iyo, sabi ng Panginoon, ng Panginoon ng mga
hukbo. 20 Sapagka't nang unang panahon ay inalis ko ang
iyong pamatok, at nilagot ko ang iyong mga tali; at iyong
sinabi: Hindi ako maglilingkod; sapagka't sa bawa't mataas
na burol, at sa ilalim ng bawa't sariwang punong kahoy ay
yumuko ka, na nagpatutot. 21 Gayon ma'y tinamnan kita
ng mahal na puno ng ubas, na pawang mabuting binhi:
bakit ka nga naging bansot na ibang puno ng ubas sa
akin? 22 Sapagka't bagaman maghugas ka ng lihiya, at
magbunton ka ng maraming sabon, gayon ma'y natatala
sa harap ko ang iyong kasamaan, sabi ng Panginoong
Dios. 23 Paanong masasabi mo, Hindi ako nagpakahawa,
hindi ako yumaong sumunod sa mga Baal? tingnan mo
ang iyong daan sa libis, talastasin mo kung ano ang iyong
ginawa: ikaw na maliksing dromedario na dumadamba
sa paglakad; 24 Isang asnong babaeng mailap na sanay
sa ilang na sumisingasing sa kaniyang nais; sa kaniyang
pagkakataon, sinong makapagliligaw sa kaniya? silang
lahat na nagsisihanap sa kaniya ay hindi mapapagod: sa
kaniyang kabuwanan ay masusumpungan siya. 25 Ingatan
mo ang iyong paa sa paglakad na walang suot, at ang iyong
lalamunan sa pagkauhaw. Nguni't iyong sinabi, Walang
kabuluhan; hindi, sapagka't ako'y umibig sa mga taga ibang
lupa, at sa kanila'y susunod ako. 26 Kung paanong ang
magnanakaw ay napapahiya pagka siya'y nahuhuli, gayon
napapahiya ang sangbahayan ni Israel; sila, ang kanilang
mga hari, ang kanilang mga prinsipe, at ang kanilang mga
saserdote, at ang kanilang mga propeta, 27 Na nangagsasabi
sa kahoy, Ikaw ay aking ama; at sa bato, Iyong ipinanganak
ako: sapagka't kanilang ipinihit ang kanilang likod sa akin, at
hindi ang kanilang mukha: nguni't sa panahon ng kanilang
kabagabagan ay sasabihin nila, Ikaw ay bumangon, at iligtas
mo kami. 28 Nguni't saan nandoon ang iyong mga dios na
iyong ginawa para sa iyo? magsibangon sila, kung sila'y
makapagliligtas sa iyo sa panahon ng iyong kabagabagan:
sapagka't ayon sa bilang ng iyong mga bayan ay gayon ang
iyong mga dios, Oh Juda. 29 Bakit kayo nangakikipagpunyagi
sa akin? kayong lahat ay nagsisalangsang laban sa akin,
sabi ng Panginoon. 30 Sa walang kabuluhan sinaktan ko
ang inyong mga anak; sila'y hindi nagsitanggap ng saway;
nilamon ng inyong sariling tabak ang inyong mga propeta,
na parang manglilipol na leon. 31 Oh lahi, tingnan ninyo ang
salita ng Panginoon. Naging ilang baga ako sa Israel? o
lupain ng salimuot na kadiliman? bakit nga sinasabi ng aking
bayan, Kami ay nangakalaya; hindi na kami paroroon pa
sa iyo? 32 Malilimutan baga ng dalaga ang kaniyang mga
hiyas, o ng kasintahang babae ang kaniyang kagayakan?
gayon ma'y nilimot ako ng bayan ko sa mga araw na walang
bilang. 33 Anong pagpapaganda mo ng iyong lakad upang
humanap ng pagibig! kaya't gayon din ang mga patutot ay
iyong tinuruan ng iyong mga lakad. 34 Gayon din sa mga
laylayan mo ay nakasumpong ng dugo ng mga kaluluwa
ng dukhang walang sala: hindi mo nasumpungan sa dako
ng pagbubukas; kundi dahil sa lahat ng mga ito. 35 Gayon
ma'y sinabi mo: Ako'y walang sala; tunay na ang kaniyang
galit ay humiwalay sa akin. Narito, hahatulan kita, sapagka't
iyong sinabi, Hindi ako nagkasala. 36 Bakit ka lumalaboy
upang papanibaguhin mo ang iyong lakad? ikahihiya mo rin
naman ang Egipto na gaya ng iyong pagkahiya sa Asiria. 37
Mula doon ay lalabas ka rin, na ang iyong mga kamay ay
nakapatong sa iyong ulo: sapagka't itinakuwil ng Panginoon
ang iyong mga pinagkakatiwalaan, at hindi ka giginhawa sa
kanila.

**3** Kanilang sinabi, Kung ihiwalay ng lalake ang kaniyang
asawa, at siya'y humiwalay sa kaniya, at mapasa ibang
lalake, babalik pa baga uli ang lalake sa kaniya? hindi
baga lubos na madudumhan ang lupaing yaon? Nguni't
ikaw ay nagpatutot sa maraming nangingibig; gayon ma'y
manumbalik ka uli sa akin, sabi ng Panginoon. 2 Imulat mo
ang iyong mga mata sa mga luwal na kaitaasan, at tingnan
mo; saan hindi ka nasipingan? Sa tabi ng mga lansangan
ay naghintay ka sa kanila, gaya ng taga Arabia sa ilang;
at iyong dinumhan ang lupain ng iyong mga pakikiapid
at ng iyong kasamaan. 3 Kaya't ang ambon, ay napigil,
at hindi nagkaroon ng huling ulan; gayon man may noo
ka ng isang patutot ikaw ay tumakuwil na mapahiya. 4
Hindi ka baga dadaing mula sa panahong ito sa akin,
Ama ko, ikaw ang patnubay ng aking kabataan? 5 Kaniya

bagang iingatan ang kaniyang galit magpakailan man?
kaniya bagang iingatan hanggang sa kawakasan? Narito,
ikaw ay nagsalita at gumawa ng mga masamang bagay, at
sinunod mo ang iyong ibig. **6** Bukod dito'y sinabi sa akin
ng Panginoon sa kaarawan ni Josias na hari, Iyo bagang
nakita ang ginawa ng tumatalikod na Israel? siya'y yumaon
sa bawa't mataas na bundok at sa ilalim ng bawa't sariwang
punong kahoy, at doon siya nagpatutot. **7** At aking sinabi
pagkatapos na magawa niya ang lahat na bagay na ito,
Siya'y babalik sa akin; nguni't hindi siya bumalik: at nakita ng
taksil niyang kapatid na Juda. **8** At aking nakita, nang, dahil
dito sa pangangalunya ng tumatalikod na Israel, akin siyang
pinalayas at binigyan ko siya ng sulat ng paghihiwalay,
gayon ma'y hindi natakot ang taksil niyang kapatid na Juda;
kundi siya man ay yumaon at nagpatutot. **9** At nangyari, sa
walang kabuluhan niyang pagsamba sa diosdiosan, na ang
lupain ay nadumhan, at siya'y sumamba sa pamamagitan
ng mga bato at ng mga kahoy. **10** At gayon ma'y sa lahat
ng ito ay hindi bumalik sa akin ang taksil niyang kapatid
na Juda, ng kaniyang buong puso, kundi paimbabaw, sabi
ng Panginoon. **11** At sinabi ng Panginoon sa akin, Ang
tumatalikod na Israel ay napakilala na lalong matuwid kay
sa taksil na Juda. **12** Ikaw ay yumaon, at itanyag mo ang
mga salitang ito sa dakong hilagaan, at iyong sabihin, Ikaw
ay manumbalik, ikaw na tumatalikod na Israel, sabi ng
Panginoon; hindi ako titinging may galit sa inyo: sapagka't
ako'y maawain, sabi ng Panginoon, hindi ako magiingat ng
galit magpakailan man. **13** Kilalanin mo lamang ang iyong
kasamaan, na ikaw ay sumalansang sa Panginoon mong
Dios, at iyong ikinalat ang iyong mga kaugalian sa mga taga
ibang lupa sa ilalim ng bawa't sariwang punong kahoy, at
kayo'y hindi nagsisunod sa aking tinig, sabi ng Panginoon.
**14** Kayo'y manumbalik, Oh tumatalikod na mga anak, sabi ng
Panginoon, sapagka't ako'y asawa ninyo; at kukuha ako sa
inyo ng isa sa isang bayan, at dalawa sa isang angkan,
at dadalhin ko kayo sa Sion. **15** At bibigyan ko kayo ng
mga pastor ayon sa aking kalooban, na kakandili sa inyo
ng kaalaman at unawa. **16** At mangyayari, pagka kayo'y
dumami at lumago sa lupain sa mga araw na yaon, sabi
ng Panginoon, hindi na nila sasabihin, Ang kaban ng tipan
ng Panginoon; ni mapapasaisip nila yaon: ni aalalahanin
nila yaon: ni nanaisin nila yaon; ni mayayari pa man. **17**
Sa panahong yaon ay tatawagin nila ang Jerusalem na
luklukan ng Panginoon, at lahat ng mga bansa ay mapipisan
doon, sa pangalan ng Panginoon, sa Jerusalem: hindi
na rin lalakad pa man sila ng ayon sa pagmamatigas ng
kanilang masamang kalooban. **18** Sa mga araw na yaon ang
sangbahayan ni Juda ay lalakad na kasama ng sangbahayan
ni Israel, at sila'y manggagaling na magkasama sa lupain
ng hilagaan sa lupain na ibinigay kong pinakamana sa
inyong mga magulang. **19** Nguni't aking sinabi, Paanong
ilalagay kita sa gitna ng mga anak, at bibigyan kita ng
masayang lupain, ng mainam na mana ng mga hukbo ng
mga bansa? at aking sinabi, Inyong tatawagin ako, Ama
ko; at hindi ka na hihiwalay pa ng pagsunod sa akin. **20**
Tunay na kung paanong humihiwalay na may pagtataksil
ang babae sa kaniyang asawa, gayon kayo nagsigawang
may kataksilan sa akin, Oh sangbahayan ni Israel, sabi
ng Panginoon. **21** Isang tinig ay naririnig sa mga luwal na
kaitaasan, ang iyak at ang mga samo ng mga anak ni Israel;
sapagka't kanilang pinasama ang kanilang lakad, kanilang
nilimot ang Panginoon nilang Dios. **22** Kayo'y manumbalik,
kayong nagsisitalikod na mga anak, aking pagagalingin
ang inyong mga pagtalikod. Narito, kami ay nagsiparito sa
iyo; sapagka't ikaw ay Panginoon naming Dios. **23** Tunay
na walang kabuluhan ang tulong na maaasahan sa mga
burol, ang kagulo sa mga bundok: tunay na nasa Panginoon
naming Dios ang kaligtasan ng Israel. **24** Nguni't nilamon ng
nakahihiyang bagay ang gawa ng ating mga magulang na
mula sa ating kabataan, ang kanilang mga kawan at ang
kanilang mga bakahan, ang kanilang mga anak na lalake at
babae. **25** Tayo'y magsihiga sa ating kahihiyan, at takpan
tayo ng ating kalituhan: sapagka't tayo'y nangagkasala laban
sa Panginoon nating Dios, tayo at ang ating mga magulang,
mula sa ating kabataan hanggang sa araw na ito; at hindi
tayo nakinig sa tinig ng Panginoon nating Dios.

**4** Kung ikaw ay manunumbalik, Oh Israel, sabi ng
Panginoon, kung ikaw ay manunumbalik sa akin, at
kung iyong aalisin ang iyong mga kasuklamsuklam sa aking
paningin; hindi ka nga makikilos; **2** At ikaw ay susumpa,
Buhay ang Panginoon, sa katotohanan, sa kahatulan, at
sa katuwiran; at ang mga bansa ay magiging mapalad sa
kaniya, at sa kaniya luluwalhati sila. **3** Sapagka't ganito ang
sabi ng Panginoon, sa mga tao ng Juda at ng Jerusalem,
Inyong bungkalin ang inyong binabayaang bukiran, at huwag
kayong maghasik sa gitna ng mga tinik. **4** Magsipagtuli kayo
para sa Panginoon, at inyong alisin ang mga kasamaan ng
inyong puso, ninyong mga tao ng Juda at mga nananahan
sa Jerusalem; baka ang aking kapootan ay sumigalbo
na parang apoy, at magningas na walang makapatay,
dahil sa kasamaan ng inyong mga gawa. **5** Ipahayag
ninyo sa Juda, at ibalita ninyo sa Jerusalem; at inyong
sabihin, Inyong hipan ang pakakak sa lupain: magsihiyaw
kayo ng malakas, at inyong sabihin, Magpisan kayo, at
tayo'y magsipasok sa mga bayang nakukutaan. **6** Kayo'y
mangagtaas ng watawat sa dako ng Sion: kayo'y magsitakas
sa ikatitiwasay, huwag kayong magsitigil: sapagka't ako'y
magdadala ng kasamaan mula sa hilagaan, at ng malaking

paglipol. 7 Ang isang leon ay sumampa mula sa kaniyang
kagubatan, at ang manglilipol ng mga bansa; siya'y nasa
kaniyang paglalakad, siya'y lumabas mula sa kaniyang
dako, upang sirain ang iyong lupain, upang ang iyong mga
bayan ay mangalagay na sira na walang mananahan. 8
Dahil dito ay mangagbigkis kayo ng kayong magaspang,
kayo'y magsipanaghoy at magsipanangis; sapagka't ang
mabangis na galit ng Panginoon ay hindi humihiwalay sa
atin. 9 At mangyayari sa araw na yaon, sabi ng Panginoon,
na ang puso ng hari ay mapapahamak, at ang puso ng mga
prinsipe: at ang mga saserdote ay mangatitigilan, at ang mga
propeta ay mangamamangha. 10 Nang magkagayo'y sinabi
ko, Ah Panginoong Dios: tunay na iyong dinayang lubha
ang bayang ito at ang Jerusalem, na iyong sinabi, Kayo'y
mangagkakaroon ng kapayapaan: gayon man ang tabak ay
tumatalab sa buhay. 11 Sa panahong yaon ay sasabihin sa
bayang ito at sa Jerusalem, Isang mainit na hangin na mula
sa mga luwal na kaitaasan sa ilang ay dumating sa anak
ng aking bayan, hindi upang sumimoy, o maglinis man: 12
Isang malakas na hangin na mula sa mga ito ay darating sa
akin: ngayo'y magsasalita naman ako ng mga kahatulan
laban sa kanila. 13 Narito, siya'y sasagupang parang mga
ulap, at ang kaniyang mga karo ay magiging parang ipoipo
ang kaniyang mga kabayo ay lalong matulin kay sa mga
aguila. Sa aba natin! sapagka't tayo'y nangapahamak. 14
Oh Jerusalem, hugasan mo ang iyong puso sa kasamaan,
upang ikaw ay maligtas. Hanggang kailan titigil sa loob mo
ang iyong mga masamang pagiisip? 15 Sapagka't isang tinig
ay nagpapahayag mula sa Dan, at nagbabalita ng kasamaan,
mula sa mga burol ng Ephraim. 16 Inyong banggitin sa
mga bansa: narito, inyong ibalita laban sa Jerusalem, na
ang mga bantay ay nanggagaling sa malayong lupain, at
inihihiyaw nila ang kanilang tinig laban sa mga bayan ng
Juda. 17 Sila'y gaya ng mga bantay sa parang, laban sa
kaniya sa palibot, sapagka't siya'y naging mapanghimagsik
laban sa akin, sabi ng Panginoon. 18 Ang iyong lakad at
ang iyong mga gawa ay nagsikap ng mga bagay na ito
sa iyo: ito ang iyong kasamaan; sapagka't napakasama,
sapagka't tinataglay ng iyong puso. 19 Ang hirap ko, ang
hirap ko! Ako'y nagdaramdam sa aking puso; ang dibdib
ko ay kakabakaba, hindi ako matahimik; sapagka't iyong
narinig, Oh kaluluwa ko, ang tunog ng pakakak, ang hudyat
ng pakikipagdigma. 20 Kagibaan at kagibaan ang inihihiyaw;
sapagka't ang buong lupain ay nasira: biglang nangasira ang
aking mga tolda, at ang aking mga tabing sa isang sandali.
21 Hanggang kailan makikita ko ang watawat, at maririnig ang
tunog ng pakakak? 22 Sapagka't ang bayan ko ay hangal,
hindi nila ako nakikilala; sila'y mga mangmang na anak, at
sila'y walang unawa; sila'y pantas sa paggawa ng masama,
nguni't sa paggawa ng mabuti ay wala silang kaalaman. 23
Aking minasdan ang lupa, at, narito, sira at walang laman;
at ang langit ay walang liwanag. 24 Aking minasdan ang
mga bundok, at narito, nagsisiyanig, at ang lahat na burol ay
nagsisiindayon. 25 Ako'y nagmasid, at, narito, walang tao,
at lahat ng mga ibon sa himpapawid ay nangakatakas. 26
Ako'y nagmasid, at, narito, ang mainam na parang ay ilang,
at, lahat ng mga bayan niyaon ay nangasira sa harapan ng
Panginoon, at sa harap ng kaniyang mabangis na galit. 27
Sapagka't ganito ang sabi ng Panginoon, Ang buong lupain
ay magiging sira; gayon ma'y hindi ako gagawa ng lubos na
kawakasan. 28 Dahil dito ay tatangis ang lupa, at ang langit
sa itaas ay magiging maitim: sapagka't aking sinalita, aking
pinanukala, at hindi ako nagsisi, o akin mang tatalikuran.
29 Ang buong bayan ay tumakas dahil sa hugong ng mga
mangangabayo at ng mga mamamana; sila'y nagsipasok sa
mga kagubatan, at nangagukyabit sa mga malaking bato;
bawa't bayan ay napabayaan, at walang tao na tumatahan
doon. 30 At ikaw, pagka ikaw ay napahamak, anong iyong
gagawin? Bagaman ikaw ay nananamit ng mainam na
damit na mapula; bagaman ikaw ay gumagayak ng mga
kagayakang ginto, bagaman iyong pinalalaki ang iyong mga
mata ng pinta, sa walang kabuluhan nagpapakaganda ka;
hinahamak ka ng mga mangingibig sa iyo, pinagsisikapan
nila ang iyong buhay. 31 Sapagka't ako'y nakarinig ng tinig
na gaya ng sa babaing nagdaramdam, ng daing ng gaya
ng sa nanganganak sa panganay, ng tinig ng anak na
babae ng Sion, na nagsisikip ang hininga, na naguunat ng
kaniyang mga kamay, na nagsasabi, Sa aba ko ngayon!
sapagka't ang kaluluwa ko ay nanglulupaypay sa harap ng
mga mamamatay tao.

5 Magsitakbo kayong paroo't parito sa mga lansangan
ng Jerusalem, at tingnan ngayon, at alamin, at
hanapin sa mga luwal na dako niyaon, kung kayo'y
makakasumpong ng tao, kung may sinoman na gumagawa
ng kaganapan, na humahanap ng katotohanan; at aking
patatawarin siya. 2 At bagaman kanilang sinasabi, Buhay
ang Panginoon; tunay na sila'y nagsisisumpa na may
kasinungalingan. 3 Oh Panginoon, hindi baga tumitingin
ang iyong mga mata sa katotohanan? iyong hinampas
sila, nguni't hindi sila nangagdamdam; iyong pinugnaw sila,
nguni't sila'y nagsitangging tumanggap ng sawa'y; kanilang
pinapagmatigas ang kanilang mukha ng higit kay sa malaking
bato; sila'y nagsitangging manumbalik. 4 Nang magkagayo'y
sinabi ko, Tunay na ang mga ito ay dukha; sila'y mga hangal;
sapagka't hindi sila nangakakaalam ng daan ng Panginoon,
o ng kahatulan ng kaniyang Dios. 5 Ako'y paroroon sa mga
dakilang tao, at magsasalita sa kanila; sapagka't kanilang
nalalaman ang daan ng Panginoon, at ang kahatulan ng

kanilang Dios. Nguni't ang mga ito ay nagkaiisang magalis
ng pamatok, at lumagot ng mga panali. 6 Kaya't papatayin
sila ng leon na mula sa gubat, sisirain sila ng lobo sa mga
ilang, babantayan ang kanilang mga bayan ng leopardo;
lahat na nagsilabas doon ay mangalalapa; sapagka't ang
kanilang mga pagsalangsang ay marami, at ang kanilang
mga pagtalikod ay lumago. 7 Paanong mapatatawad kita?
pinabayaan ako ng iyong mga anak, at nagsisumpa sa
pamamagitan niyaong mga hindi dios. Nang sila'y aking
mabusog, sila'y nangalunya, at nagpupulong na pulupulutong
sa mga bahay ng mga patutot. 8 Sila'y parang pinakaing
mga kabayong pagalagala: bawa't isa'y humalinghing sa
asawa ng kaniyang kapuwa. 9 Hindi baga dadalaw ako
dahil sa mga bagay na ito? sabi ng Panginoon: at hindi
baga manghihiganti ang kaluluwa ko sa isang ganiyang
bansa na gaya nito? 10 Sampahin ninyo ang kaniyang mga
kuta at inyong gibain; nguni't huwag kayong magsigawa
ng lubos na kawakasan; alisin ninyo ang kaniyang mga
sanga; sapagka't sila'y hindi sa Panginoon. 11 Sapagka't
ang sangbahayan ni Israel at ang sangbahayan ni Juda
ay gumagawang may kataksilan laban sa akin, sabi ng
Panginoon. 12 Kanilang ikinaila ang Panginoon, at sinabi,
Hindi siya; ni darating sa atin ang kasamaan; ni makakakita
tayo ng tabak o ng kagutom man: 13 At ang mga propeta ay
magiging parang hangin, at ang salita ay wala sa kanila:
ganito ang gagawin sa kanila. 14 Kaya't ganito ang sabi
ng Panginoon, ng Dios ng mga hukbo, Sapagka't inyong
sinalita ang salitang ito, narito, gagawin ko na ang aking
mga salita sa inyong bibig ay maging apoy, at ang bayang
ito ay kahoy, at sila'y pupugnawin niyaon. 15 Narito, dadalhin
ko ang bansa sa inyo na mula sa malayo, Oh sangbahayan
ni Israel, sabi ng Panginoon: siyang makapangyarihang
bansa, siyang matandang bansa, isang bansa na ang wika
ay hindi mo naiintindihan, o nababatid mo man kung ano
ang kanilang sinasabi. 16 Ang kanilang lalagyan ng pana ay
bukas na libingan, silang lahat ay makapangyarihang lalake.
17 At kakanin nila ang iyong ani, at ang iyong tinapay, na
dapat sanang kanin ng iyong mga anak na lalake at babae;
kanilang kakanin ang iyong mga kawan at ang iyong mga
bakahan; kanilang kakanin ang iyong mga puno ng ubas
at ang iyong mga puno ng igos; kanilang ibabagsak ang
iyong mga bayan na nababakuran, na iyong tinitiwalaan, sa
pamamagitan ng tabak. 18 Nguni't sa mga araw mang yaon,
sabi ng Panginoon, hindi ako gagawa ng lubos na kawakasan
sa inyo. 19 At mangyayari, pagka inyong sasabihin, Bakit
ginawa ng Panginoon nating Dios ang lahat ng mga bagay
na ito sa atin? kung magkagayo'y sasabihin mo sa kanila,
Kung paanong inyong pinabayaan ako, at nangaglingkod
kayo sa mga ibang dios sa inyong lupain, gayon kayo
mangaglingkod sa mga taga ibang lupa sa isang lupain
na hindi inyo. 20 Inyong ipahayag ito sa sangbahayan ni
Jacob, at inyong ibalita sa Juda na inyong sabihin, 21 Inyong
dinggin ngayon ito, Oh hangal na bayan, at walang unawa;
na may mga mata, at hindi nakakakita; na may mga pakinig,
at hindi nakakarinig: 22 Hindi kayo nangatatakot sa akin?
sabi ng Panginoon: hindi baga kayo manginginig sa aking
harapan, na naglagay ng buhangin na pinakahangganan ng
dagat, sa pamamagitan ng pinakawalang hanggang pasiya,
upang huwag makalampas? at bagaman maginalon ang
kaniyang mga alon, hindi rin mananaig; bagaman ang mga
ito'y nagsisihugong, hindi rin ang mga ito'y makaraan. 23
Nguni't ang bayang ito ay may magulo at mapanghimagsik
na puso; sila'y nanghimagsik at nagsiyaon. 24 Hindi man nila
sinasabi sa sarili, Mangatakot tayo ngayon sa Panginoon
nating Dios, na naglalagpak ng ulan, ng maaga at gayon
din ng huli, sa kaniyang kapanahunan; na itinataan sa
atin ang mga takdang sanglinggo ng mga pagaani. 25
Ang inyong mga kasamaan ang nangaghiwalay ng mga
bagay na ito, at ang inyong mga kasalanan ang nagsipigil
sa inyo ng kabutihan. 26 Sapagka't sa gitna ng aking
bayan ay nakakasumpong ng mga masamang tao: sila'y
nagbabantay, gaya ng pagbabantay ng mga mamimitag;
sila'y nangaglalagay ng silo, sila'y nanghuhuli ng mga tao.
27 Kung paanong ang kulungan ay puno ng mga ibon,
gayon ang kanilang mga bahay ay puno ng karayaan: kaya't
sila'y naging dakila, at nagsisiyaman. 28 Sila'y nagsisitaba,
sila'y makintab: oo, sila'y nagsisihigit sa mga paggawa
ng kasamaan; hindi nila ipinakikipaglaban ang usap, ang
usap ng ulila, upang sila'y guminhawa; at ang matuwid ng
mapagkailangan ay hindi hinahatulan. 29 Hindi baga dadalaw
ako dahil sa mga bagay na ito? sabi ng Panginoon; hindi
baga manghihiganti ang aking kalooban sa ganiyang bansa
na gaya nito? 30 Isang kamanghamangha at kakilakilabot
na bagay ay nangyayari sa lupain: 31 Ang mga propeta ay
nanganghuhula ng kasinungalingan, at ang mga saserdote
ay nangagpupuno sa pamamagitan ng kanilang mga kamay;
at iniibig ng aking bayan na magkagayon: at ano ang inyong
gagawin sa wakas niyaon?

**6** Kayo'y magsitakas para maligtas, kayong mga anak
ni Benjamin, mula sa gitna ng Jerusalem, at kayo'y
magsihihip ng pakakak sa Tecoa, at mangagtaas ng tanda
sa Beth-hacherem; sapagka't ang kasamaan ay natatanaw
sa hilagaan, at isang malaking paglipol. 2 Ang maganda at
maayos na babae, ang anak na babae ng Sion, ihihiwalay
ko. 3 Mga pastor na kasama ng kanilang mga kawan ay
magsisiparoon sa kaniya; kanilang itatayo ang kanilang mga
tolda laban sa kaniya sa palibot; sila'y mangagpapasabsab
bawa't isa sa kanikaniyang dako. 4 Mangaghanda kayo

ng digma laban sa kaniya; kayo'y magsibangon, at tayo'y
magsisampa sa katanghaliang tapat. Sa aba natin! sapagka't
ang araw ay kumikiling, sapagka't ang mga dilim ng gabi ay
nangangalat. **5** Magsibangon, at tayo'y magsisampa sa gabi,
at ating gibain ang kaniyang mga palacio. **6** Sapagka't ganito
ang sabi ng Panginoon ng mga hukbo, Kayo'y magsiputol ng
mga punong kahoy, at mangagtayo kayo ng bunton laban
sa Jerusalem: ito ang bayang dadalawin; siya'y lubos na
kapighatian sa gitna niya. **7** Kung paanong ang isang bukal
ay nilalabasan ng kaniyang tubig, gayon siya nilalabasan ng
kaniyang kasamaan: pangdadahas at pagkagiba ay naririnig
sa kaniya; sa harap ko ay palaging hirap at mga sugat. **8**
Maturuan ka, Oh Jerusalem, baka ang aking kaluluwa ay
mahiwalay sa iyo; baka ikaw ay gawin kong sira, lupaing
hindi tinatahanan. **9** Ganito ang sabi ng Panginoon ng mga
hukbo, Kanilang lubos na sisimutin ang nalabi sa Israel
na parang puno ng ubas: idukot mo uli ang iyong kamay
sa mga buslo na gaya ng mamimitas ng ubas. **10** Kanino
ako magsasalita at magpapatotoo, upang kanilang marinig?
narito, ang kanilang pakinig ay paking, at hindi mangakarinig:
narito, ang salita ng Panginoon ay naging kadustaan sa
kanila; sila'y walang kaluguran sa kaniya. **11** Kaya't ako'y
puspus ng kapusukan ng Panginoon; ako'y pagod na ng
pagpipigil ko: ibuhos sa mga bata sa lansangan, at sa
kapulungan ng mga binata na magkakasama: sapagka't
gayon din ang lalake sangpu ng asawa ay mahuhuli, ang
matanda sangpu niya na puspus ng mga kaarawan. **12** At ang
kanilang mga bahay ay malilipat sa mga iba, ang kanilang
mga parang at ang kanilang mga asawa na magkakasama:
sapagka't iuunat ko ang aking kamay sa mga mananahan sa
lupain, sabi ng Panginoon. **13** Sapagka't mula sa kaliitliitan
nila hanggang sa kalakilakihan nila, bawa't isa ay ibinigay
sa kasakiman; at mula sa propeta hanggang sa saserdote
bawa't isa'y gumagawang may kasinungalingan. **14** Kanilang
pinagaling din naman ng kaunti ang sugat ng aking bayan,
na sinasabi, Kapayapaan, kapayapaan; gayon ma'y walang
kapayapaan. **15** Nangahiya baga sila nang sila'y gumawa ng
kasuklamsuklam? hindi, hindi sila nangahiya sa anoman,
o sila man ay nangamula: kaya't sila'y mangabubuwal
sa gitna niyaong nangabubuwal; sa panahon na aking
dadalawin sila ay nangabubulagta sila, sabi ng Panginoon.
**16** Ganito ang sabi ng Panginoon, Magsitayo kayo sa mga
daan at magsitingin kayo, at ipagtanong ninyo ang mga
dating landas, kung saan nandoon ang mabuting daan; at
magsilakad kayo roon, at kayo'y mangakakasumpong ng
kapahingahan sa inyong mga kaluluwa: nguni't kanilang
sinabi, Hindi kami magsisilakad doon. **17** At ako'y naglagay
ng mga bantay sa inyo, na aking sinasabi, Inyong pakinggan
ang tunog ng pakakak, nguni't kanilang sinabi, Hindi kami
makikinig. **18** Kaya't inyong pakinggan, ninyong mga bansa,
at inyong talastasin, Oh kapulungan, kung ano ang nasa
gitna nila. **19** Iyong pakinggan, Oh lupa: narito, ako'y
magdadala ng kasamaan sa bayang ito, na bunga ng
kanilang mga pagiisip, sapagka't sila'y hindi nangakinig sa
aking mga salita; at tungkol sa aking kautusan ay kanilang
itinakuwil. **20** Sa anong panukala nangagdadala kayo sa akin
ng kamangyan na mula sa Seba, at ng mabangong kalamo
na mula sa malayong lupain? ang inyong mga handog na
susunugin ay hindi nakalulugod, ni ang inyo mang mga
hain ay nakalulugod sa akin. **21** Kaya't ganito ang sabi ng
Panginoon, Narito, ako'y maglalagay ng katitisuran sa harap
ng bayang ito: at ang mga magulang at ang mga anak ay
magkakasamang mangatitisod doon; ang kalapit bahay at
ang kaniyang kaibigan ay mamamatay. **22** Ganito ang sabi
ng Panginoon, Narito, ang isang bayan ay nagmumula sa
hilagaang lupain; at isang dakilang bansa ay pupukawin
mula sa mga kaduluduluhang bahagi ng lupa. **23** Sila'y
nagsisihawak ng busog at ng sibat; sila'y mabagsik at
walang habag; ang kanilang tinig ay humuhugong na parang
dagat, at sila'y nagsisisakay sa mga kabayo, bawa't isa ay
humahanay, na parang isang lalake sa pakikipagbaka, laban
sa iyo Oh anak na babae ng Sion. **24** Aming narinig ang balita
niyaon; ang aming mga kamay ay nanganghihina: kahirapan
ay humawak sa amin, at hirap na gaya ng sa isang babae
sa pagdaramdam. **25** Huwag kang lumabas sa parang, o
lumakad man sa daan; sapagka't may tabak ng kaaway, at
kakilabutan sa bawa't dako. **26** Oh anak na babae ng aking
bayan, magbigkis ka ng kayong magaspang, at gumumon
ka sa abo: manangis ka, gaya ng sa bugtong na anak, ng
kalagimlagim na panaghoy; sapagka't ang manglilipol ay
biglang darating sa akin. **27** Iginawa kita ng isang moog at
ng kuta sa gitna ng aking bayan: upang iyong maalaman at
masubok ang kanilang lakad. **28** Silang lahat ay lubhang
mapanghimagsik na nanganinirang puri; sila'y tanso at bakal:
silang lahat ay nagsisigawang may kabulukan. **29** Ang
panghihip ay humihihip na malakas; ang tingga ay natutunaw
sa apoy: sa walang kabuluhan nagdadalisay sila; sapagka't
ang masasama ay hindi nangaalis. **30** Tatawagin silang pilak
na itinakuwil, sapagka't itinakuwil sila ng Panginoon.

**7** Ang salita na dumating kay Jeremias mula sa Panginoon
na nagsasabi, **2** Ikaw ay tumayo sa pintuang-daan ng
bahay ng Panginoon, at itanyag mo roon ang salitang ito,
at iyong sabihin, Inyong dinggin ang salita ng Panginoon,
ninyong lahat na nasa Juda, na nagsisipasok sa mga
pintuang-daang ito upang magsisamba sa Panginoon. **3**
Ganito ang sabi ng Panginoon ng mga hukbo, ng Dios ng
Israel, Inyong pabutihin ang inyong mga lakad at ang inyong
mga gawa, at akin kayong patatahanin sa dakong ito. **4**

Huwag kayong magsitiwala sa mga kabulaanang salita, na
nangagsasabi, Ang templo ng Panginoon, ang templo ng
Panginoon, ang templo ng Panginoon, ay ang mga ito. **5**
Sapagka't kung inyong lubos na pabubutihin ang inyong
mga lakad at ang inyong mga gawa; kung kayo'y lubos
na magsisigawa ng kahatulan sa isang tao at sa kaniyang
kapuwa. **6** Kung hindi ninyo pipighatiin ang makikipamayan,
ang ulila, at ang babaing bao, at hindi kayo magbububo
ng walang salang dugo sa dakong ito, o susunod man
sa ibang mga dios sa inyong sariling kapahamakan. **7** Ay
patatahanin ko nga kayo sa dakong ito, sa lupain na ibinigay
ko sa inyong mga magulang mula ng una hanggang sa
walang hanggan. **8** Narito, kayo'y nagsisitiwala sa mga
kabulaanang salita, na hindi mapapakinabangan. **9** Kayo
baga'y mangagnanakaw, magsisipatay, at mangangalunya
at magsisisumpa ng kabulaanan, at mangagsusunog ng
kamangyan kay Baal, at magsisisunod sa ibang mga dios na
hindi ninyo nakikilala. **10** At magsisiparito at magsisitayo sa
harap ko sa bahay na ito, na tinatawag sa aking pangalan,
na mangagsasabi, Kami ay laya; upang inyong gawin ang
lahat na kasuklamsuklam na ito? **11** Ang bahay bagang
ito na tinawag sa aking pangalan, naging yungib ng mga
tulisan sa harap ng inyong mga mata? Narito, ako, ako nga
ang nakakita, sabi ng Panginoon. **12** Nguni't magsiparoon
kayo ngayon sa aking dako na nasa Silo, na siyang aking
pinagpatahanan ng aking pangalan nang una, at inyong
tingnan kung ano ang aking ginawa dahil sa kasamaan ng
aking bayang Israel. **13** At ngayon, sapagka't inyong ginawa
ang lahat ng gawang ito, sabi ng Panginoon, at nagsalita
ako sa inyo, na ako'y bumabangong maaga at nagsasalita,
nguni't hindi ninyo dininig: at aking tinawag kayo, nguni't
hindi kayo sumagot: **14** Kaya't gagawin ko sa bahay na
tinatawag sa aking pangalan, na inyong tinitiwalaan, at sa
dakong ibinigay ko sa inyo at sa inyong mga magulang,
ang gaya ng aking ginawa sa Silo. **15** At akin kayong
itatakuwil sa aking paningin, gaya ng pagkatakuwil ko sa
lahat ninyong mga kapatid, sa buong binhi ni Ephraim. **16**
Kaya't huwag mong idalangin ang bayang ito, ni palakasin
man ang daing patungkol sa kanila ni dalangin man, o
mamagitan man ikaw sa akin; sapagka't hindi kita didinggin.
**17** Hindi mo ba nakikita kung ano ang kanilang ginagawa
sa bayan ng Juda at sa mga lansangan ng Jerusalem? **18**
Ang mga anak ay nangamumulot ng kahoy, at ang mga
ama ay nangagpapaningas ng apoy, at ang mga babae ay
nangagmamasa ng masa, upang igawa ng mga tinapay ang
reina ng langit, at upang magbuhos ng mga handog na
inumin sa ibang mga dios, upang kanilang mungkahiin ako
sa galit. **19** Kanila baga akong minumungkahi sa galit? sabi
ng Panginoon; hindi baga sila namumungkahi sa kanilang
sarili sa ikalilito ng kanila ring mukha? **20** Kaya't ganito ang
sabi ng Panginoong Dios, Narito, ang aking galit at ang aking
kapusukan ay mabubuhos sa dakong ito, sa tao, at sa hayop,
at sa mga punong kahoy sa parang, at sa bunga ng lupa:
at masusupok, at hindi mapapatay. **21** Ganito ang sabi ng
Panginoon ng mga hukbo, ng Dios ng Israel, Inyong idagdag
ang inyong mga handog na susunugin sa inyong mga hain,
at magsikain kayo ng laman. **22** Sapagka't hindi ako nagsalita
sa inyong mga magulang, o nagutos man sa kanila nang
araw na inilabas ko sila sa lupain ng Egipto, tungkol sa
mga handog na susunugin, o sa mga hain: **23** Kundi ang
bagay na ito ang iniutos ko sa kanila, na aking sinasabi,
Inyong dinggin ang aking tinig, at ako'y magiging inyong
Dios, at kayo'y magiging aking bayan; at magsilakad kayo
sa lahat ng daan na iniuutos ko sa inyo, sa ikabubuti ninyo.
**24** Nguni't hindi nila dininig, o ikiniling man ang kanilang
pakinig, kundi nagsilakad sa kanilang sariling mga payo at sa
pagmamatigas ng kanilang masamang puso, at nagsiyaong
paurong at hindi pasulong. **25** Mula nang araw na ang
inyong mga magulang ay magsilabas sa lupain ng Egipto
hanggang sa araw na ito, aking sinugo sa inyo ang lahat
kong lingkod na mga propeta, na araw-araw ay bumabangon
akong maaga at sinusugo ko sila: **26** Gayon ma'y hindi sila
nangakinig sa akin, o nangagkiling man ng kanilang pakinig,
kundi pinapagmatigas ang kanilang leeg: sila'y nagsigawa ng
lalong masama kay sa kanilang mga magulang. **27** At iyong
sasalitain ang lahat na salitang ito sa kanila; nguni't hindi sila
mangakikinig sa iyo: iyo namang tatawagin sila; nguni't hindi
sila magsisisagot sa iyo. **28** At iyong sasabihin sa kanila,
Ito ang bansang hindi nakinig sa tinig ng Panginoon nilang
Dios, o tumanggap man ng aral: katotohanan ay nawala,
at nahiwalay sa kanilang bibig. **29** Iyong gupitin ang iyong
buhok, Oh Jerusalem, at ihagis mo, at maglakas ka ng
panaghoy sa mga luwal na kaitaasan; sapagka't itinakuwil
ng Panginoon at nilimot ang lahat ng kaniyang poot. **30**
Sapagka't nagsigawa ang mga anak ni Juda ng masama
sa aking paningin, sabi ng Panginoon: kanilang inilagay
ang kanilang mga kasuklamsuklam sa bahay na tinatawag
sa aking pangalan, upang lapastanganin. **31** At kanilang
itinayo ang mga mataas na dako ng Topheth, na nasa libis
ng anak ni Hinnom, upang sunugin ang kanilang mga anak
na lalake at babae sa apoy; na hindi ko iniuutos, o pumasok
man sa aking pagiisip. **32** Kaya't, narito, ang mga araw ay
dumarating, sabi ng Panginoon, na hindi na siya tatawaging
Topheth, o ang libis ng anak ni Hinnom man, kundi Ang
libis ng Patayan: sapagka't sila'y mangaglilibing sa Topheth,
hanggang sa mawalan ng dakong mapaglilibingan. **33** At
ang mga bangkay ng bayang ito ay magiging pinakapagkain
sa mga ibon sa himpapawid, at sa mga hayop sa lupa; at

walang bubugaw sa mga yaon. 34 Kung magkagayo'y aking
ipatitigil sa mga bayan ng Juda, at sa mga lansangan ng
Jerusalem, ang tinig ng kalayawan at ang tinig ng kasayahan,
ang tinig ng kasintahang lalake at ang tinig ng kasintahang
babae: sapagka't ang lupain ay masisira.

8 Sa panahong yaon, sabi ng Panginoon, ay ilalabas nila
ang mga buto ng mga hari sa Juda, at ang mga buto ng
kaniyang mga prinsipe, at ang mga buto ng mga saserdote,
at ang mga buto ng mga propeta, at ang mga buto ng mga
nananahan sa Jerusalem, mula sa kanilang mga libingan; 2
At kanilang ikakalat sa liwanag ng araw, at ng buwan, at ng
lahat na natatanaw sa langit na kanilang inibig, at kanilang
pinaglingkuran, at siya nilang sinundan, at siyang kanilang
hinanap, at siyang kanilang sinamba: hindi mangapipisan, o
mangalilibing man, sila'y magiging pinakasukal sa ibabaw
ng lupa. 3 At ang kamatayan ay pipiliin na higit kay sa
kabuhayan ng lahat ng naiwang nalabi rito sa masamang
angkan, na nalabi sa lahat ng dako na aking pinagtabuyan
sa kanila, sabi ng Panginoon ng mga hukbo. 4 Bukod dito'y
sasabihin mo sa kanila, Ganito ang sabi ng Panginoon.
Mangabubuwal baga ang mga tao, at hindi magsisibangon
uli? maliligaw baga ang isa, at hindi babalik? 5 Bakit nga ang
bayang ito na Jerusalem ay tumatalikod ng walang hanggang
pagtalikod? sila'y nagsisihawak na mahigpit ng karayaan,
sila'y nagsisitangging bumalik. 6 Aking pinakinggan at narinig
ko, nguni't hindi sila nagsalita ng matuwid: walang nagsisisi
ng kaniyang kasamaan, na nagsasabi, Anong aking ginawa?
bawa't isa'y lumilihis sa kaniyang lakad, gaya ng kabayo na
dumadaluhong sa pagbabaka. 7 Oo, nalalaman ng ciguena
sa himpapawid ang kaniyang mga takdang kapanahunan;
at ang bato bato at ang langaylangayan at ang tagak ay
nangagmamalas ng panahon ng pagdating ng mga yaon;
nguni't hindi nalalaman ng aking bayan ang alituntunin
ng Panginoon. 8 Paano ninyo sinasabi, Kami ay pantas,
at ang kautusan ng Panginoon ay sumasaamin? Nguni't,
narito, ang sinungaling na pangsulat ng mga escriba ay
sumulat na may kasinungalingan. 9 Ang mga pantas ay
nangapapahiya, sila'y nanganglulupaypay at nangahuhuli:
narito, kanilang itinakuwil ang salita ng Panginoon: at anong
uri ng karunungan ang nasa kanila? 10 Kaya't ibibigay ko
ang kanilang mga asawa sa mga iba, at ang kanilang mga
parang sa mga magaari sa mga yaon: sapagka't bawa't isa
mula sa kaliitliitan hanggang sa kalakilakihan, ay ibinigay
sa kasakiman; mula sa propeta hanggang sa saserdote
bawa't isa'y gumagawang may kasinungalingan. 11 At
kanilang pinagaling ng kaunti ang sugat ng anak na babae
ng aking bayan, na sinasabi, Kapayapaan, kapayapaan;
gayon ma'y walang kapayapaan. 12 Nangahiya baga sila
nang sila'y gumawa ng kasuklamsuklam? hindi, hindi sila
nangahiya sa anoman, ni nangamula man sila: kaya't
sila'y mangabubuwal sa gitna niyaong nangabubuwal; sa
panahon ng pagdalaw sa kanila ay mahahagis sila, sabi
ng Panginoon. 13 Aking lubos na lilipulin sila, sabi ng
Panginoon: hindi magkakaroon ng mga ubas sa puno ng
ubas, o ng mga higos man sa mga puno ng higos, at ang
dahon ay malalanta; at ang mga bagay na aking naibigay sa
kanila ay mapapawi sa kanila. 14 Bakit tayo'y nagsisitigil na
nakaupo? kayo'y magkatipon, at tayo'y magsipasok sa mga
bayang nakukutaan, at tayo'y magsitahimik doon; sapagka't
tayo'y pinatahimik ng Panginoon nating Dios, at binigyan
tayo ng inuming mapait upang inumin, sapagka't tayo'y
nangagkasala laban sa Panginoon. 15 Tayo'y nangaghihintay
ng kapayapaan, nguni't walang dumating na mabuti; at ng
panahon ng kagalingan, at narito panglulupaypay! 16 Ang
singasing ng kaniyang mga kabayo ay naririnig mula sa
Dan: sa tinig ng halinghing ng kaniyang mga malakas ay
nayayanig ang buong lupain; sapagka't sila'y nagsidating,
at nilamon ang lupain at lahat ng naroon; ang bayan at
yaong mga nagsisitahan doon. 17 Sapagka't, narito, ako'y
magsusugo ng mga ahas, ng mga ulupong sa gitna ninyo, na
hindi maeenkanto, at kakagatin nila kayo, sabi ng Panginoon.
18 Oh kung ako'y makapagaaliw laban sa kapanglawan! ang
puso ko ay nanglulupaypay. 19 Narito, ang tinig ng hiyaw ng
anak na babae ng aking bayan na mula sa lupain na totoong
malayo: Hindi baga ang Panginoon ay nasa Sion? hindi
baga ang kaniyang Hari ay nandoon? Bakit minungkahi nila
ako sa galit ng kanilang mga larawang inanyuan, at ng mga
walang kabuluhan ng iba? 20 Ang pagaani ay nakaraan, ang
taginit ay lipas na, at tayo'y hindi ligtas. 21 Dahil sa sugat ng
anak na babae ng aking bayan ay nasasakitan ako; ako'y
luksa; ako'y natigilan. 22 Wala bagang balsamo sa Galaad?
wala bagang manggagamot doon? bakit nga hindi gumaling
ang anak na babae ng aking bayan?

9 Oh kung ang aking ulo lamang ay maging tubig, at ang
aking mga mata ay bukalan ng mga luha, upang ako'y
makaiyak araw at gabi dahil sa pagkamatay ng anak na
babae ng aking bayan! 2 Oh kung magkaroon ako sa ilang
ng patuluyan sa mga naglalakad; upang aking maiwan ang
aking bayan, at lisanin ko sila! sapagka't silang lahat ay
mangangalunya, kapulungan ng mga taong taksil! 3 At
pinamimilantik nila ang kanilang dila gaya ng kanilang busog,
dahil sa kabulaanan; at sila'y nagsisitakas sa lupain, nguni't
hindi para sa katotohanan: sapagka't sila'y nagpatuloy mula
sa kasamaan hanggang sa kasamaan, at hindi nila ako
nakikilala, sabi ng Panginoon. 4 Mangagingat bawa't isa sa
inyo sa kaniyang kapuwa, at huwag kayong mangagkatiwala
sa kanino mang kapatid; sapagka't bawa't kapatid ay
mangaagaw, at bawa't kapuwa ay makikisama sa mapanirang

puri. 5 At mangagdaya bawa't isa sa kanila sa kaniyang
kapuwa, at hindi mangagsasalita ng katotohanan: kanilang
tinuruan ang kanilang dila na magsalita ng kabulaanan;
sila'y nangagpakapagod upang gumawa ng kasamaan. 6
Ang iyong tahanan ay nasa gitna ng pangdadaya: dahil
sa pangdadaya ay ayaw silang kumilala sa akin, sabi ng
Panginoon. 7 Kaya't ganito ang sabi ng Panginoon ng mga
hukbo, Narito, aking lilituhin sila, at susubukin sila; sapagka't
ano pa ang aking magagawa, dahil sa anak na babae ng
aking bayan? 8 Ang kanilang dila ay panang nakamamatay;
nagsasalita ng karayaan: nagsasalitang may kapayapaan ng
kaniyang bibig sa kaniyang kapuwa, nguni't bumabakay siya
ng kaniyang puso sa kaniya. 9 Hindi ko baga dadalawin
sila dahil sa mga bagay na ito? sabi ng Panginoon; hindi
baga manghihiganti ako sa isang bansa na gaya nito? 10 Sa
mga bundok ay maglalakas ako ng pagiyak at pananangis,
at sa mga sabsaban sa ilang ay panaghoy, sapagka't
nasunog ang mga yaon, na anopa't walang dumaraan;
hindi man narinig ng mga tao ang angal ng kawan; ang
mga ibon sa himpapawid at gayon din ang mga hayop
sa parang ay nagsitakas, ang mga ito'y nagsiyaon. 11 At
aking gagawin na mga bundok ang Jerusalem, na tahanang
dako ng mga chakal; at aking sisirain ang mga bayan
ng Juda, na walang mananahan. 12 Sino ang pantas na
makakaunawa nito? at sino siya na pinagsalitaan ng bibig ng
Panginoon, upang kaniyang maipahayag? bakit ang lupain
ay napupugnaw at nasusunog na parang ilang, na anopa't
walang dumaraan? 13 At sinabi ng Panginoon, Sapagka't
kanilang pinabayaan ang aking kautusan na aking inilagay
sa harap nila, at hindi nagsisunod sa aking tinig, o nilakaran
man nila; 14 Kundi sila'y nagsisunod sa pagmamatigas
ng kanilang sariling puso, at nagsisunod sa mga Baal, na
itinuro sa kanila ng kanilang mga magulang; 15 Kaya't ganito
ang sabi ng Panginoon ng mga hukbo, ng Dios ng Israel,
Narito, aking pakakanin sila, ang bayang ito, ng ajenjo, at
bibigyan ko sila ng inuming mapait upang inumin. 16 Akin
ding pangangalatin sila sa gitna ng mga bansa, na hindi
nakilala kahit nila o ng kanilang mga magulang man; at
ipahahabol ko sila sa tabak, hanggang sa aking malipol sila.
17 Ganito ang sabi ng Panginoon ng mga hukbo, Kayo'y
mangagdilidili, at magsitawag ng mga tagapanangis na
babae, upang sila'y mangakaparito; at inyong ipasundo
ang mga bihasang babae, upang sila'y mangakaparito: 18
At mangagmadali sila, at mangaglakas sila ng panangis
dahil sa atin, upang ang ating mga mata ay daluyan ng
mga luha, at ang ating mga talukapmata ay labasan ng
tubig. 19 Sapagka't ang tinig ng panangis ay naririnig mula
sa Sion, Ano't tayo'y nasisira! tayo'y lubhang nangalito,
sapagka't ating pinabayaan ang lupain, sapagka't kanilang
ibinagsak ang ating mga tahanan. 20 Gayon ma'y inyong
dinggin ang salita ng Panginoon, Oh ninyong mga babae, at
tanggapin ng inyong pakinig ang salita ng kaniyang bibig; at
turuan ninyo ang inyong mga anak na babae ng panangis,
at turuan ng bawa't isa ang kaniyang kapuwa ng panaghoy.
21 Sapagka't ang kamatayan ay sumampa sa loob ng ating
mga dungawan, ito'y pumasok sa ating mga palacio; upang
ihiwalay ang mga anak sa labas, at ang mga binata sa mga
lansangan. 22 Salitain mo: Ganito ang sabi ng Panginoon,
Ang mga bangkay ng mga tao ay mangabubuwal na parang
dumi sa luwal na parang, at parang bigkis sa likod ng
manggagapas: at walang dadampot. 23 Ganito ang sabi
ng Panginoon, Huwag magmapuri ang pantas sa kaniyang
karunungan, o magmapuri man ang makapangyarihan sa
kaniyang kapangyarihan, huwag magmapuri ang mayaman
sa kaniyang kayamanan; 24 Kundi magmapuri sa ganito
ang lumuluwalhati, na kaniyang nauunawa, at kaniyang
nakikilala ako, na ako ang Panginoon na nagsasagawa
sa lupa ng kagandahang-loob, kahatulan at katuwiran;
sapagka't sa mga bagay na ito ay nalulugod ako, sabi ng
Panginoon. 25 Narito, ang mga kaarawan ay dumarating,
sabi ng Panginoon, na aking parurusahan silang lahat na
nangatuli sa hindi tunay na pagkatuli. 26 Ang Egipto, at
ang Juda, at ang Edom, at ang mga anak ni Ammon, at
ang Moab, at lahat ng nagsisigupit ng laylayan ng kaniyang
buhok, na nagsisitahan sa ilang; sapagka't lahat ng mga
bansa ay hindi tuli, at ang buong sangbahayan ni Israel ay
hindi tuli sa puso.

**10** Inyong dinggin ang salita na sinasalita ng Panginoon
sa inyo, Oh sangbahayan ni Israel. 2 Ganito ang sabi
ng Panginoon, Huwag kayong matuto ng lakad ng mga
bansa, at huwag kayong manganglupaypay sa mga tanda
ng langit; sapagka't ang mga bansa ay nanganglulupaypay
sa mga yaon. 3 Sapagka't ang mga kaugalian ng mga
bayan ay walang kabuluhan: sapagka't may pumuputol
ng punong kahoy sa gubat, na siyang gawa ng mga
kamay ng manggagawa sa pamamagitan ng palakol.
4 Kanilang ginagayakan ng pilak at ng ginto; kanilang
ikinakapit ng mga pako at ng mga pamukpok, upang huwag
makilos. 5 Sila'y gaya ng puno ng palma, na binilog, at
hindi nagsasalita: kinakailangang pasanin, sapagka't hindi
makalakad. Huwag ninyong katakutan ang mga yaon,
sapagka't hindi makagagawa ng kasamaan, ni wala ring
magagawang mabuti. 6 Walang gaya mo, Oh Panginoon; ikaw
ay dakila, at ang iyong pangalan ay dakila sa kapangyarihan.
7 Sinong hindi matatakot sa iyo, Oh Hari ng mga bansa?
sapagka't sa iyo nauukol; palibhasa'y sa gitna ng lahat ng
pantas sa mga bansa, at sa lahat nilang kaharian, ay walang
gaya mo. 8 Kundi sila'y pawang tampalasan at hangal turo

ng mga dios-diosan, yao'y kahoy lamang. 9 May pilak na
pinukpok na dinala rito mula sa Tarsis, at ginto mula sa
Uphaz, na gawa ng manggagawa at ng mga kamay ng
panday; azul at kulay ube ang kanilang damit; gawang lahat
ng mga bihasang manggagawa. 10 Nguni't ang Panginoon ay
tunay na Dios; siya ang buhay na Dios, at walang hanggang
Hari: sa kaniyang poot ay nayayanig ang lupa, at hindi
matatagalan ng mga bansa ang kaniyang galit. 11 Ganito
ang inyong sasabihin sa kanila, Ang mga dios na hindi
gumawa ng langit at ng lupa, ang mga ito ang mangalilipol sa
lupa, at sa silong ng langit. 12 Kaniyang ginawa ang lupa sa
pamamagitan ng kaniyang kapangyarihan, kaniyang itinatag
ang sanglibutan sa pamamagitan ng kaniyang karunungan,
at kaniyang iniladlad ang langit sa pamamagitan ng kaniyang
pagkaunawa: 13 Pagka siya'y naguutos, may hugong ng
tubig sa langit, at kaniyang pinaiilanglang ang mga singaw
mula sa mga dulo ng lupa; siya'y nagpapakidlat para sa
ulan, at naglalabas ng hangin mula sa mga kinalalagyan. 14
Bawa't tao ay naging tampalasan at walang kaalaman; bawa't
panday ay nalagay sa kahihiyan sa kaniyang larawang
inanyuan; sapagka't ang kaniyang larawang binubo ay
kabulaanan, at hindi humihinga ang mga yaon. 15 Sila'y
walang kabuluhan, gawang karayaan: sa panahon ng
pagdalaw sa mga yaon sila ay mangalilipol. 16 Ang bahagi
ng Jacob ay hindi gaya ng mga ito; sapagka't siya ang may
kapal sa lahat ng mga bagay; at ang Israel ay siyang lipi na
kaniyang mana ang Panginoon ng mga hukbo ay siyang
kaniyang pangalan. 17 Iyong pulutin ang iyong mga kalakal
mula sa lupain, Oh ikaw na nakukubkob. 18 Sapagka't ganito
ang sabi ng Panginoon, Narito, aking ibubulid ang mga
mananahan sa lupain sa panahong ito, at aking pahihirapan
sila upang sila'y makaramdam. 19 Sa aba ko, dahil sa
aking sugat! ang aking sugat ay malubha: nguni't aking
sinabi, Tunay na ito ay aking hirap, at aking marapat na
tiisin. 20 Ang aking tolda ay nagiba, at lahat ng panali ko ay
nangapatid; iniwan ako ng aking mga anak, at sila'y wala
na: wala nang magtayo pa ng aking tolda, at magtaas ng
aking mga tabing. 21 Sapagka't ang mga pastor ay naging
tampalasan, at hindi nagsisangguni sa Panginoon: kaya't
hindi sila magsisiginhawa, at lahat nilang kawan ay nangalat.
22 Ang tinig ng mga balita, narito, dumarating, at malaking
kagulo mula sa lupaing hilagaan, upang gawing kagibaan
ang mga bayan ng Juda, at tahanan ng mga chakal. 23
Oh Panginoon, talastas ko na ang lakad ng tao ay hindi sa
kaniyang sarili; hindi para sa taong lumalakad ang magtuwid
ng kaniyang mga hakbang. 24 Oh Panginoon, sawayin
mo ako, nguni't sa pamamagitan ng kahatulan; huwag sa
iyong galit, baka ako'y iuwi mo sa wala. 25 Iyong ibuhos
ang iyong kapusukan sa mga bansa na hindi nakakakilala
sa iyo, at sa mga angkan na hindi nagsisitawag sa iyong
pangalan; sapagka't kanilang sinakmal ang Jacob, oo,
kanilang sinakmal siya, at nilipol siya, at sinira ang kaniyang
tahanan.

11 Ang salita na dumating kay Jeremias na mula sa
Panginoon, na nagsasabi, 2 Inyong pakinggan ang
mga salita ng tipang ito, at inyong salitain sa mga tao ng
Juda, at sa mga nananahan sa Jerusalem, 3 At iyong
sabihin sa kanila, Ganito ang sabi ng Panginoon, ng Dios
ng Israel, Sumpain ang taong hindi nakikinig ng mga salita
ng tipang ito, 4 Na aking iniutos sa iyong mga magulang,
nang araw na aking inilabas sila mula sa lupain ng Egipto,
mula sa hurnong bakal, na nagsasabi, inyong talimahin ang
aking tinig, at inyong isagawa, ayon sa lahat na iniuutos
ko sa inyo: sa gayo'y magiging bayan ko kayo, at ako'y
magiging inyong Dios; 5 Upang aking maitatag ang sumpa
na aking isinumpa sa inyong mga magulang, upang ibigay
ko sa kanila ang isang lupaing binubukalan ng gatas at
pulot, gaya sa araw na ito. Nang magkagayo'y sumagot
ako, at sinabi ko, Siya nawa, Oh Panginoon. 6 At sinabi
ng Panginoon sa akin, Inyong itanyag ang lahat ng mga
salitang ito sa mga bayan ng Juda, at sa mga lansangan
ng Jerusalem, na inyong sabihin, Inyong dinggin ang mga
salita ng tipang ito, at inyong isagawa. 7 Sapagka't aking
pinatunayang mainam sa inyong mga magulang nang araw
na aking iahon sila sa lupain ng Egipto, hanggang sa araw
na ito, na ako'y bumabangong maaga at pinatutunayan ko,
na aking sinasabi, Inyong talimahin ang aking tinig. 8 Gayon
ma'y hindi nila tinalima o ikiniling man ang kanilang pakinig
kundi lumakad bawa't isa sa pagmamatigas ng kanilang
masamang puso: kaya't dinala ko sa kanila ang lahat na
salita ng tipang ito, na aking iniutos sa kanila na isagawa,
nguni't hindi nila isinagawa. 9 At sinabi ng Panginoon sa
akin, Isang pagbabanta ay nasumpungan sa gitna ng mga
lalake ng Juda, at sa gitna ng mga nananahan sa Jerusalem.
10 Sila'y nanganumbalik sa mga kasamaan ng kanilang mga
kanunuan, na nagsitangging duminig ng aking mga salita; at
sila'y nagsisunod sa ibang mga dios upang paglingkuran:
sinira ng sangbahayan ni Israel at ng sangbahayan ni Juda
ang aking tipan na aking ipinakipagtipan sa kanilang mga
magulang. 11 Kaya't ganito ang sabi ng Panginoon, Narito,
ako'y magdadala ng kasamaan sa kanila, na hindi nila
matatakasan; at sila'y magsisidaing sa akin, nguni't hindi
ko sila didinggin. 12 Kung magkagayo'y magsisiyaon at
magsisidaing ang mga bayan ng Juda at ang mga nananahan
sa Jerusalem sa mga dios na kanilang pinaghandugan ng
kamangyan: nguni't hindi sila ililigtas nila sa anoman sa
panahon ng kanilang kabagabagan. 13 Sapagka't ayon sa
bilang ng iyong mga bayan ay gayon ang iyong mga dios.

Oh Juda; at ayon sa bilang ng mga lansangan ng Jerusalem
ay nagtayo kayo ng mga dambana sa kahiyahiyang bagay,
mga dambana upang pagsunugan ng kamangyan kay
Baal. **14** Kaya't huwag mong idalangin ang bayang ito, o
palakasin man ang daing patungkol sa kanila ni dalangin
man; sapagka't hindi ko didinggin sila sa panahon na sila'y
magsisidaing sa akin dahil sa kanilang kabagabagan. **15**
Anong magagawa ng aking sinta sa aking buhay, yamang
siya'y gumawa ng kahalayan sa marami, at ang banal
na lamang handog ay humiwalay sa iyo? pagka ikaw ay
gumagawa ng kasamaan, ikaw nga'y nagagalak. **16** Tinawag
ng Panginoon ang iyong pangalan, Sariwang puno ng olivo,
maganda na may mainam na bunga: sa pamamagitan
ng ingay ng malaking kagulo ay kaniyang sinilaban ng
apoy, at ang mga sanga niyaon ay nangabali. **17** Sapagka't
ang Panginoon ng mga hukbo, na nagtatag sa iyo, ay
nagbabadya ng kasamaan laban sa iyo, dahil sa kasamaan
ng sangbahayan ni Israel, at ng sangbahayan ni Juda na
kanilang ginawa sa ganang kanilang sarili sa pamumungkahi
sa akin sa galit sa pamamagitan ng paghahandog ng
kamangyan kay Baal. **18** At binigyan ako ng kaalaman ng
Panginoon tungkol doon, at naalaman ko: nang magkagayo'y
ipinakita mo sa akin ang kanilang mga gawa. **19** Nguni't
ako'y gaya ng maamong kordero na pinapatnubayan sa
patayan; at hindi ko naalaman na sila'y nangakakatha na ng
mga katha laban sa akin, na nangagsasabi, Ating sirain ang
punong kahoy sangpu ng bunga niyaon, at ating ihiwalay
siya sa lupain ng buhay, upang ang kaniyang pangalan
ay huwag ng maalaala. **20** Nguni't, Oh Panginoon ng mga
hukbo, na humahatol ng matuwid, na tumatarok ng puso
at ng pagiisip, ipakita mo sa akin ang iyong kagantihan
sa kanila; sapagka't sa iyo inihayag ko ang aking usap.
**21** Kaya't ganito ang sabi ng Panginoon tungkol sa mga
lalake ng Anathoth na nagsisiusig ng iyong buhay, na
nangagsasabi, Ikaw ay huwag manghuhula sa pangalan
ng Panginoon, upang huwag kang mamatay sa aming
kamay; **22** Kaya't ganito ang sabi ng Panginoon ng mga
hukbo, Narito, aking parurusahan sila: ang mga binata ay
mamamatay sa pamamagitan ng tabak; ang kanilang mga
anak na lalake at babae ay mangamamatay dahil sa gutom;
**23** At hindi magkakaroon ng nalabi sa kanila: sapagka't ako'y
magdadala ng kasamaan sa mga lalake ng Anathoth, sa
makatuwid baga'y sa taon ng pagdalaw sa kanila.

**12** Ikaw ay matuwid, Oh Panginoon, nang ako'y
makipagtalo sa iyo; gayon ma'y makikipagmatuwiranan
ako sa iyo: bakit gumiginhawa ang lakad ng masama? bakit
nangatitiwasay silang lahat na nagsisigawa ng may lubhang
kataksilan? **2** Iyong itinanim sila, oo, sila'y nangagkaugat;
nagsisitubo, oo, sila'y nangagbubunga: ikaw ay malapit
sa kanilang bibig, at malayo sa kanilang mga puso. **3**
Nguni't ikaw, Oh Panginoon, nakakakilala sa akin; iyong
nakikita ako, at tinatarok mo ang aking puso: itaboy mo
silang gaya ng mga tupa sa patayan, at ihanda mo sila sa
kaarawan ng pagpatay. **4** Hanggang kailan tatangis ang
lupain, at matutuyo ang mga damo sa buong lupain? dahil
sa kasamaan nila na nagsisitahan doon, nilipol ang mga
hayop, at ang mga ibon; sapagka't kanilang sinabi, Hindi
niya makikita ang ating huling kawakasan. **5** Kung ikaw ay
tumakbo na kasama ng nangaglalakad, at kanilang pinagod
ka, paano ngang makikipagunahan ka sa mga kabayo? at
bagaman sa lupain ng kapayapaan ay tiwasay ka, gayon
ma'y paano ang gagawin mo sa kapalaluan ng Jordan? **6**
Sapagka't ang iyong mga kapatid man at ang sangbahayan
ng iyong magulang, ay nagsigawa ring may kataksilan sa
iyo; nagsihiyaw rin ng malakas sa hulihan mo: huwag mong
paniwalaan sila, bagaman sila'y nangagsasalita ng mga
mabuting salita sa iyo. **7** Aking pinabayaan ang aking bahay,
aking itinakuwil ang aking mana; aking ibinigay ang giliw
na sinta ng aking kaluluwa sa kamay ng kaniyang mga
kaaway. **8** Sa akin ang mana ko ay naging parang leon
sa gubat: kaniyang inilakas ang kaniyang tinig laban sa
akin; kaya't aking ipinagtanim siya. **9** Ang akin bagang
mana sa akin ay naging parang mangdadagit na ibong
batikbatik? ang mga mangdadagit na ibon baga ay laban sa
kaniya sa palibot? kayo'y magsiyaon, inyong pagpulungin
ang lahat na hayop sa parang, inyong dalhin sila rito upang
magsipanakmal. **10** Sinira ng maraming pastor ang aking
ubasan, kanilang niyapakan ng paa ang aking bahagi,
kanilang ginawa ang aking mahalagang bahagi na ilang na
sira. **11** Kanilang ginawa, itong isang kagibaan; tumatangis sa
akin, palibhasa'y sira; ang buong lupain ay nasira, sapagka't
walang taong gumugunita. **12** Mga manglilipol ay nagsidating
sa lahat na luwal na kaitaasan sa ilang: sapagka't ang tabak
ng Panginoon ay nananakmal mula sa isang dulo ng lupain
hanggang sa kabilang dulo ng lupain walang taong may
kapayapaan. **13** Sila'y nangaghasik ng trigo, at nagsiani ng
mga tinik: sila'y nangagpakahirap, at walang pinakikinabang:
at kayo'y mangapapahiya sa inyong mga gawa, dahil sa
mabangis na galit ng Panginoon. **14** Ganito ang sabi ng
Panginoon laban sa lahat na masama kong kapuwa, na
nagsisigalaw ng mana sa aking bayang Israel, Narito, akin
silang bubunutin sa kanilang lupain, at aking bubunutin
ang sangbahayan ni Juda sa gitna nila. **15** At mangyayari,
na pagkatapos na aking mabunot sila, ako'y babalik at
maaawa sa kanila; at aking ibabalik sila uli, bawa't tao ay sa
kaniyang mana, at bawa't tao ay sa kaniyang lupain. **16**
At mangyayari, kung kanilang matutuhang masikap ang
mga lakad ng aking bayan, ang pagsumpa sa pangalan

ko, Buhay ang Panginoon; sa makatuwid baga'y gaya ng
kanilang itinuro sa bayan ko na pagsumpa sa pangalan ni
Baal: ay mangatatayo nga sila sa gitna ng aking bayan. 17
Nguni't kung hindi nila didinggin, akin ngang bubunutin ang
bansang yaon, na bubunutin at lilipulin sabi ng Panginoon.

**13** Ganito ang sabi ng Panginoon sa akin, Ikaw ay yumaon
at bumili ka ng isang pamigkis na lino, at ibigkis mo sa
iyong mga bayawang at huwag mong ilubog sa tubig. 2 Sa
gayo'y bumili ako ng pamigkis ayon sa salita ng Panginoon,
at inilagay ko sa aking mga bayawang. 3 At ang salita ng
Panginoon, ay dumating sa akin na ikalawa, na nagsabi, 4
Kunin mo ang pamigkis na iyong binili, na nasa iyong mga
bayawang, at ikaw ay bumangon, yumaon ka sa Eufrates,
at ikubli mo roon sa isang bitak ng malaking bato. 5 Sa
gayo'y yumaon ako, at ikinubli ko sa tabi ng Eufrates ayon
sa iniutos sa akin ng Panginoon. 6 At nangyari, pagkaraan
ng maraming araw, na sinabi ng Panginoon sa akin, Ikaw ay
bumangon, yumaon ka sa Eufrates, at kunin mo ang pamigkis
mula roon, na iniutos ko sa iyong ikubli mo roon. 7 Nang
magkagayo'y yumaon ako sa Eufrates, at hinukay ko, at
kinuha ko ang pamigkis mula sa dakong aking pinagkublihan;
at, narito, ang pamigkis ay bulok, hindi mapapakinabangan
sa anoman. 8 Nang magkagayo'y dumating sa akin ang
salita ng Panginoon, na nagsasabi. 9 Ganito ang sabi
ng Panginoon, Ayon sa paraang ito ay aking sasayangin
ang kapalaluan ng Juda, at ang malaking kapalaluan ng
Jerusalem. 10 Ang masamang bayang ito, na ayaw makinig
ng mga salita ko, na lumalakad ayon sa katigasan ng
kanilang puso, at yumaong sumunod sa ibang mga Dios
upang paglingkuran, at upang sambahin, ay magiging gaya
ng pamigkis na ito, na hindi mapapakinabangan sa anoman.
11 Sapagka't kung paanong ang pamigkis ay kumakapit sa
mga balakang ng lalake, gayon pinakapit ko sa akin ang
buong sangbahayan ni Israel at ang buong sangbahayan ni
Juda, sabi ng Panginoon; upang sila'y maging pinakabayan
sa akin, at pinakapangalan, at pinakapuri, at pinakaluwalhati:
nguni't hindi nila dininig. 12 Kaya't sasalitain mo sa kanila
ang salitang ito. Ganito ang sabi ng Panginoon, ng Dios
ng Israel, Bawa't sisidlang balat ay mapupuno ng alak: at
kanilang sasabihin sa iyo, Hindi baga namin nalalaman na
ang bawa't sisidlang balat ay mapupuno ng alak? 13 Kung
magkagayo'y sasabihin mo sa kanila, Ganito ang sabi ng
Panginoon, Narito, aking pupunuin ng pagkalango ang lahat
na mananahan sa lupaing ito, ang mga hari na nakaupo
sa luklukan ni David, at ang mga saserdote at ang mga
propeta, at ang lahat na nananahan sa Jerusalem. 14 At
aking itutulak ang isa laban sa isa, sa makatuwid baga'y
ang mga magulang at ang mga anak na magkakasama,
sabi ng Panginoon: hindi ako magpapatawad, o maaawa
man, o mahahabag man, na sila'y lilipulin ko. 15 Inyong
dinggin, at kayo'y mangakinig; Huwag kayong mangagpalalo;
sapagka't sinalita ng Panginoon. 16 Luwalhatiin ninyo ang
Panginoon ninyong Dios, bago siya magpadilim, at bago
matisod ang inyong mga paa sa mga madilim na bundok,
at, habang kayo'y nangaghihintay ng liwanag, ay kaniyang
gagawing lilim ng kamatayan, at papagsasalimuutin niya
ang kadiliman. 17 Nguni't kung hindi ninyo didinggin, ako'y
iiyak, na lihim dahil sa inyong kapalaluan; at ang mata ko ay
iiyak na mainam, at dadaluyan ng mga luha, sapagka't ang
kawan ng Panginoon ay nabihag. 18 Iyong sabihin sa hari at
sa ina ng hari, Kayo'y mangagpapakababa, magsiupo kayo;
sapagka't ang inyong mga kagayakan ng ulo ay nalagpak,
ang putong ng inyong kaluwalhatian. 19 Ang mga bayan
ng Timugan ay nasarhan, at walang mangagbukas: ang
buong Juda ay nadalang bihag; buong nadalang bihag. 20
Inyong itanaw ang inyong mga mata, at inyong masdan
sila na nanganggagaling sa hilagaan: saan nandoon ang
kawan na nabigay sa iyo, ang iyong magandang kawan?
21 Ano ang iyong sasabihin pagka kaniyang inilagay ang
iyong mga kaibigan na pinakapangulo mo, na wari iyong
tinuruan sila laban sa iyo? hindi baga mamamanglaw ka, ng
parang isang babae na nagdaramdam? 22 At kung iyong
sabihin sa puso, Bakit ang mga bagay na ito ay dumating
sa akin? dahil sa kalakhan ng iyong kasamaan ay nalilis
ang iyong mga laylayan, at iyong mga sakong ay nagtiis ng
karahasan. 23 Makapagbabago baga ang Etiope ng kaniyang
balat, o ang leopardo ng kaniyang batik? kung magkagayo'y
mangakagagawa naman kayo ng mabuti, na mga bihasang
gumawa ng masama. 24 Kaya't aking pangangalatin sila,
gaya ng dayami na dumaraan, sa pamamagitan ng hangin
sa ilang. 25 Ito ang iyong kapalaran, ang bahaging sukat sa
iyo na mula sa akin, sabi ng Panginoon; sapagka't iyong
nilimot ako, at tumiwala ka sa kabulaanan. 26 Kaya't akin
namang ililihis ang iyong mga laylayan sa harap ng iyong
mukha, at ang iyong kahihiyan ay malilitaw. 27 Aking nakita
ang iyong mga kasuklamsuklam na gawa, sa makatuwid
baga'y ang iyong mga pangangalunya, at ang iyong mga
paghalinghing, ang kahalayan ng iyong pakikiapid, sa mga
burol sa parang. Sa aba mo, Oh Jerusalem! ikaw ay hindi
malilinis; hanggang kailan pa magkakaganyan?

**14** Ang salita ng Panginoon na dumating kay Jeremias
tungkol sa pagkakatuyo. 2 Ang Juda ay tumatangis,
at ang mga pintuang-bayan niya ay nagsisihapay, mga
bagsak na nangingitim sa lupa; at ang daing ng Jerusalem
ay umilanglang. 3 At sinugo ng mga mahal na tao ang
kanilang mga bata sa tubig: sila'y nagsisiparoon sa mga
balon, at hindi nangakasumpong ng tubig; sila'y nagsisibalik
na may mga sisidlang walang laman; sila'y nangapapahiya

at nangalilito, at nangagtatakip ng kanilang mga ulo. 4
Dahil sa lupa na pumuputok, palibhasa't hindi nagkaroon
ng ulan sa lupain, ang mga mangbubukid ay nangapahiya,
kanilang tinatakpan ang kanilang mga ulo. 5 Oo, ang usa sa
parang naman ay nanganganak, at pinababayaan ang anak,
sapagka't walang damo. 6 At ang mga mailap na asno ay
nagsisitayo sa mga luwal na kaitaasan, sila'y humihingal
na parang mga chakal; sila ay nangangalumata, sapagka't
walang pastulan. 7 Bagaman ang aming mga kasamaan
ay sumasaksi laban sa amin, gumawa ka alangalang sa
iyong pangalan, Oh Panginoon; sapagka't ang aming mga
pagtalikod ay marami; kami ay nangagkasala laban sa iyo. 8
Oh ikaw na pagasa ng Israel, na Tagapagligtas sa kaniya
sa panahon ng kabagabagan, bakit ka magiging parang
nakikipamayan sa lupain, at parang gala na lumiliko na
nagpaparaan ng gabi? 9 Bakit ka magiging parang taong
natigilan, parang makapangyarihan na hindi makapagligtas?
gayon man ikaw, Oh Panginoon, ay nasa gitna namin, at kami
ay tinatawag sa iyong pangalan; huwag mo kaming iwan.
10 Ganito ang sabi ng Panginoon sa bayang ito, Yamang
kanilang inibig ang paglaboy; hindi nila pinigil ang kanilang
mga paa: kaya't hindi sila tinatanggap ng Panginoon; ngayo'y
aalalahanin niya ang kanilang kasamaan, at dadalawin ang
kanilang mga kasalanan. 11 At sinabi ng Panginoon sa
akin, Huwag mong idalangin ang bayang ito sa kanilang
ikabubuti. 12 Pagka sila'y nangagaayuno, hindi ko didinggin
ang kanilang daing; at pagka sila'y nangaghahandog ng
handog na susunugin at ng alay, hindi ko tatanggapin; kundi
aking lilipulin sila ng tabak, at ng kagutom, at ng salot. 13
Nang magkagayo'y sinabi ko, Ah Panginoong Dios! narito,
sinasabi ng mga propeta sa kanila, Kayo'y hindi makakakita
ng tabak, o magkakaroon man kayo ng kagutom; kundi
bibigyan ko kayo ng talagang kapayapaan sa dakong ito.
14 Nang magkagayo'y sinabi ng Panginoon sa akin, Ang
mga propeta ay nanghuhula ng kasinungalingan sa aking
pangalan; hindi ko sila sinugo, o inutusan ko man sila, o
nagsalita man ako sa kanila: sila'y nanganghuhula sa iyo ng
sinungaling na pangitain, at ng panghuhula, at ng bagay
na wala, at ng daya ng kanilang sariling puso. 15 Kaya't
ganito ang sabi ng Panginoon tungkol sa mga propeta na
nanghuhula sa aking pangalan, at hindi ko sila sinugo, na
gayon ma'y nagsasabi sila, Tabak at kagutom ay hindi sasapit
sa lupaing ito: Sa pamamagitan ng tabak at ng kagutom
ay malilipol ang mga propetang yaon. 16 At ang bayan na
kanilang pinanghuhulaan ay ihahagis sa mga lansangan
ng Jerusalem dahil sa kagutom at sa tabak; at walang
maglilibing sa kanila-sa kanila, sa kanilang mga asawa, o sa
kanilang mga anak na lalake man, o babae man: sapagka't
aking ibubuhos sa kanila ang kanilang kasamaan. 17 At
iyong sasabihin ang salitang ito sa kanila, Daluyan ang aking
mga mata ng mga luha gabi at araw, at huwag maglikat;
sapagka't ang anak na dalaga ng aking bayan ay nasira ng
malaking pagkasira, na may totoong mabigat na sugat. 18
Kung ako'y lumabas sa parang, narito, ang mga pinatay ng
tabak! at kung ako'y pumasok sa bayan, narito, sila na mga
may sakit ng pagkagutom! sapagka't ang propeta at gayon
din ang saserdote ay lumilibot sa lupain at walang kaalaman.
19 Iyo bagang lubos na itinakuwil ang Juda? kinapootan
baga ng iyong kaluluwa ang Sion? bakit mo sinaktan kami,
at walang kagalingan sa amin? Kami ay nangaghihintay
ng kapayapaan, nguni't walang kabutihang dumating; at
ng panahon ng kagalingan, at, narito, panglulupaypay! 20
Aming kinikilala, Oh Panginoon, ang aming kasamaan, at
ang kasamaan ng aming mga magulang; sapagka't kami ay
nangagkasala laban sa iyo. 21 Huwag mo kaming kayamutan,
alangalang sa iyong pangalan; huwag mong hamakin ang
luklukan ng iyong kaluwalhatian: iyong alalahanin, huwag
mong sirain ang iyong tipan sa amin. 22 Mayroon bagang
sinoman sa gitna ng mga walang kabuluhan ng mga bansa
na makapagpapaulan? o makapagpapaambon baga ang
mga langit? Hindi baga ikaw ay siya, Oh Panginoon naming
Dios? kaya't kami ay mangaghihintay sa iyo; sapagka't iyong
ginawa ang lahat na bagay na ito.

15 Nang magkagayo'y sinabi ng Panginoon sa akin,
Bagaman si Moises at si Samuel ay tumayo sa harap
ko, gayon ma'y ang pagiisip ko ay hindi sasa bayang ito:
iyong itakuwil sila sa aking paningin, at iyong palabasin sila.
2 At mangyayari, pagka kanilang sinabi sa iyo, Saan kami
magsisilabas? sasaysayin mo nga sa kanila, Ganito ang
sabi ng Panginoon, Ang sa kamatayan, ay sa kamatayan;
at ang sa tabak, ay sa tabak; at ang sa kagutom, ay sa
kagutom; at ang sa pagkabihag, ay sa pagkabihag. 3 At
ako'y magtatakda sa kanila ng apat na mga bagay, sabi
ng Panginoon: ang tabak upang pumatay, at ang mga
aso upang lumapa, at ang mga ibon sa himpapawid, at
ang mga hayop sa lupa, upang lumamon at lumipol. 4 At
aking ipagugulo sila na paroo't parito sa gitna ng lahat na
kaharian sa lupa, dahil kay Manases, na anak ni Ezechias,
na hari sa Juda, dahil sa kaniyang ginawa sa Jerusalem.
5 Sapagka't sinong mahahabag sa iyo, Oh Jerusalem? o
sinong tataghoy sa iyo? o sinong titigil na magtatanong ng
iyong kalagayan? 6 Iyong itinakuwil ako, sabi ng Panginoon,
ikaw ay umurong: kaya't iniunat ko ang aking kamay laban
sa iyo, at pinatay kita; ako'y dala na ng pagsisisi. 7 At aking
pinahanginan sila ng pamaypay sa mga pintuang-bayan
ng lupain; aking niwalaan sila ng mga anak, aking nilipol
ang aking bayan; sila'y hindi humiwalay sa kanilang mga
lakad. 8 Ang kanilang mga babaing bao ay naragdagan sa

akin ng higit kay sa buhangin sa mga dagat; aking dinala
sa kanila laban sa ina ng mga binata ang manglilipol sa
katanghaliang tapat: aking pinabagsak na bigla sa kaniya
ang kahapisan at kakilabutan. 9 Siyang nanganak ng pito ay
nanglulupaypay; siya'y nalagutan ng hininga; ang kaniyang
kaarawan ay lumubog nang may araw pa; napahiya at nalito:
at ang nalabi sa kanila ay ibibigay ko sa tabak sa harap ng
kanilang mga kaaway, sabi ng Panginoon. 10 Sa aba ko, ina
ko, na ipinanganak mo ako na lalaking sa pakikipagpunyagi
at lalaking sa pakikipaglaban sa buong lupa! ako'y hindi
nagpautang na may tubo, o pinautang man ako na may
patubo ng mga tao; gayon ma'y sinusumpa ako ng bawa't isa
sa kanila. 11 Sinabi ng Panginoon, Katotohanang palalakasin
kita sa ikabubuti; katotohanang aking pamamanhikin ang
kaaway sa iyo sa panahon ng kasamaan at sa panahon
ng pagdadalamhati. 12 Mababasag baga ng sinoman ang
bakal, ang bakal na mula sa hilagaan, at ang tanso? 13 Ang
iyong pag-aari at ang iyong kayamanan ay ibibigay ko na
pinakasamsam na walang halaga, at iya'y dahil sa lahat
mong kasalanan, sa lahat mo ngang hangganan. 14 At akin
silang pararaanin na kasama ng iyong mga kaaway sa lupain
na hindi mo nakikilala; sapagka't ang apoy ay nagniningas
sa aking galit, na magniningas sa inyo. 15 Oh Panginoon,
talastas mo; iyong alalahanin ako, at dalawin mo ako, at
ipanghiganti mo ako sa mga manguusig sa akin; huwag mo
akong kunin sa iyong pagtitiis: talastasin mo na dahil sa iyo
ay nagtiis ako ng kakutyaan. 16 Ang iyong mga salita ay
nangasumpungan, at aking kinain; at ang iyong mga salita
sa ganang akin ay katuwaan at kagalakan sa aking puso:
sapagka't ako'y tinawag sa iyong pangalan, Oh Panginoong
Dios ng mga hukbo. 17 Hindi ako nauupo sa kapisanan
nila na nasasayahan, o nagagalak man; ako'y nauupong
magisa dahil sa iyong kamay; sapagka't pinuno mo ako ng
pagkagalit. 18 Bakit ang aking sakit ay walang hanggan, at
ang aking sugat ay walang kagamutan, na hindi mapagaling?
ikaw baga'y tunay na magiging parang magdarayang batis
sa akin, parang tubig na nauubos? 19 Kaya't ganito ang sabi
ng Panginoon, Kung ikaw ay magbalikloob, papananauliin
nga kita upang ikaw ay makatayo sa harap ko; at kung
iyong ihiwalay ang may halaga sa walang halaga, ikaw ay
magiging parang aking bibig: sila'y manunumbalik sa iyo,
nguni't hindi ka manunumbalik sa kanila. 20 At gagawin
kita sa bayang ito na tansong kuta na sanggalangan; at
sila'y magsisilaban sa iyo, nguni't hindi sila magsisipanaig
laban sa iyo; sapagka't ako'y sumasaiyo upang iligtas kita at
upang papaging layain kita, sabi ng Panginoon. 21 At ililigtas
kita sa kamay ng masama, at tutubusin kita sa kamay ng
kakilakilabot.

16 Ang salita rin naman ng Panginoon ay dumating
sa akin, na nagsabi, 2 Huwag kang magaasawa, o
magkakaroon ka man ng mga anak na lalake o babae sa
dakong ito. 3 Sapagka't ganito ang sabi ng Panginoon tungkol
sa mga anak na lalake at tungkol sa mga anak na babae na
ipinanganak sa dakong ito, at tungkol sa kanilang mga ina
na nanganak sa kanila, at tungkol sa kanilang mga ama na
naging anak sila sa lupaing ito. 4 Sila'y mangamamatay ng
mga mabigat na pagkamatay: hindi sila pananaghuyan, o
ililibing man sila; sila'y magiging parang dumi sa ibabaw ng
lupa; at sila'y mangalilipol ng tabak, at ng kagutom; at ang
kanilang mga bangkay ay magiging pinakapagkain sa mga
ibon sa himpapawid, at sa mga hayop sa lupa. 5 Sapagka't
ganito ang sabi ng Panginoon, Huwag kang pumasok sa
bahay na may tangisan, o pumaroon man upang tumaghoy,
o manangis man sa mga yaon; sapagka't aking inalis ang
kapayapaan ko sa bayang ito, sabi ng Panginoon, ang
kagandahang-loob at mga malumanay na kaawaan. 6 Ang
malaki at gayon din ang maliit ay mangamamatay sa lupaing
ito; sila'y hindi mangalilibing, o tataghuyan man sila ng mga
tao, o magkukudlit man o mangagpapakakalbo man dahil sa
kanila; 7 O magpuputol man ng tinapay ang mga tao, sa
kanila na nananangis, upang aliwin sila dahil sa namatay;
hindi man sila paiinumin sa saro ng kaaliwan ng dahil sa
kanilang ama o dahil sa kanilang ina. 8 At huwag kang
papasok sa bahay na anyayahan upang maupong kasalo
nila, na kumain at uminom. 9 Sapagka't ganito ang sabi ng
Panginoon ng mga hukbo, ng Dios ng Israel, Narito, aking
ipatitigil sa dakong ito, sa harap ng iyong mga mata at sa
inyong mga kaarawan, ang tinig ng kalayawan, at ang tinig
ng kasayahan, ang tinig ng kasintahang lalaki at ang tinig ng
kasintahang babae. 10 At mangyayari, pagka iyong ipakikilala
sa bayang ito ang lahat ng mga salitang ito, at kanilang
sasabihin sa iyo, Bakit sinalita ng Panginoon ang lahat na
malaking kasamaang ito laban sa amin? o ano ang aming
kasamaan? o ano ang aming kasalanan na aming ginawa
laban sa Panginoon naming Dios? 11 Kung magkagayo'y
iyong sasabihin sa kanila, Sapagka't pinabayaan ako ng
inyong mga magulang, sabi ng Panginoon, at nagsisunod sa
ibang mga dios, at nangaglingkod sa kanila, at nagsisamba
sa kanila, at pinabayaan ako, at hindi iningatan ang aking
kautusan; 12 At kayo'y nagsigawa ng kasamaan na higit
kay sa inyong mga magulang, sapagka't, narito, lumakad
bawa't isa sa inyo ng ayon sa katigasan ng kanikaniyang
masamang kalooban, na anopa't hindi ninyo ako dininig: 13
Kaya't kayo'y itataboy ko sa lupain na hindi ninyo nakilala,
ninyo o ng inyong mga magulang man, na mula sa lupaing
ito, at doo'y mangaglilingkod kayo sa ibang mga dios araw
at gabi, sapagka't hindi ako magpapakita ng kagandahang

loob. 14 Kaya't, narito, ang mga araw ay dumarating,
sabi ng Panginoon, na hindi na sasabihin pa, Buhay ang
Panginoon, na nagahon ng angkan ni Israel mula sa lupain
ng Egipto; 15 Kundi, Buhay ang Panginoon, na nagahon
ng mga anak ni Israel mula sa lupain ng hilagaan, at mula
sa lahat ng lupain na kinatabuyan sa kanila. At akin silang
ipapasok uli sa kanilang lupain na aking ibinigay sa kanilang
mga magulang. 16 Narito, ipasusundo ko ang maraming
mangingisda, sabi ng Panginoon, at magsisipangisda sila; at
ipasusundo ko pagkatapos ang maraming mangangaso, at
sila'y magsisipangaso sa bawa't bundok, at sa bawa't burol,
at sa mga bitak ng mga malaking bato. 17 Sapagka't ang
aking mga mata ay nangasa lahat ng kanilang lakad, sila'y
hindi nangakukubli sa aking mukha, o nangalilingid man
ang kanilang kasamaan sa harap ng aking mga mata. 18 At
akin munang gagantihin ng ibayo ang kanilang kasamaan at
ang kanilang kasalanan, sapagka't kanilang dinumhan ang
aking lupain ng mga bangkay ng kanilang karumaldumal na
mga bagay, at kanilang pinuno ang aking mana ng kanilang
mga kasuklamsuklam. 19 Oh Panginoon, aking kalakasan,
at aking katibayan, at aking kanlungan sa kaarawan ng
pagkadalamhati, sa iyo paroroon ang mga bansa na mula sa
mga hangganan ng lupa, at mangagsasabi, Ang aming mga
magulang ay walang minana kundi mga kabulaanan walang
kabuluhan at mga bagay na hindi mapapakinabangan. 20
Gagawa baga ang tao sa kaniyang sarili ng mga dios na
hindi mga dios? 21 Kaya't, narito, ipakikilala ko sa kanila, na
paminsang ipakikilala ko sa kanila ang aking kamay at ang
aking kapangyarihan; at kanilang makikilala na ang aking
pangalan ay Jehova.

**17** Ang kasalanan ng Juda ay nasulat ng panulat na bakal,
at ng dulo ng diamante: nakintal sa kanilang puso, at sa
mga sungay ng inyong mga dambana; 2 Habang naaalaala
ng kanilang mga anak ang kanilang mga dambana at ang
kanilang mga Asera sa tabi ng mga sariwang puno ng kahoy
sa mga mataas na burol. 3 Oh aking bundok sa parang,
aking ibibigay sa pagkasamsam ang iyong mga tinatangkilik
sa lahat ng iyong lupa at ang lahat ng iyong mga kayamanan,
at ang iyong mga mataas na dako, dahil sa kasalanan, sa
lahat ng iyong hangganan. 4 At ikaw, sa makatuwid baga'y
ang iyong sarili, mawawalaan ka ng iyong mana na ibinigay
ko sa iyo; at paglilingkurin kita sa iyong mga kaaway sa
lupain na hindi mo nakikilala: sapagka't pinapagningas ninyo
ang aking galit na magniningas magpakailan man. 5 Ganito
ang sabi ng Panginoon: Sumpain ang tao na tumitiwala sa
tao, at ginagawang laman ang kaniyang bisig, at ang puso
ay humihiwalay sa Panginoon. 6 Sapagka't siya'y magiging
gaya ng kugon sa ilang, at hindi makakakita pagka ang
mabuti ay dumarating, kundi tatahan sa mga tuyong dako
sa ilang, lupaing maalat at hindi tinatahanan. 7 Mapalad
ang tao na tumitiwala sa Panginoon, at ang pagasa ay ang
Panginoon. 8 Sapagka't siya'y magiging parang punong
kahoy na itinanim sa tabi ng tubig, at naguugat sa tabi
ng ilog, at hindi matatakot pagka ang init ay dumarating,
kundi ang kaniyang dahon ay magiging sariwa; at hindi
mababalisa sa taon ng pagkatuyu, o maglilikat man ng
pagbubunga. 9 Ang puso ay magdaraya ng higit kay sa
lahat na bagay, at totoong masama: sinong makaaalam?
10 Akong Panginoon, ay sumisiyasat ng pagiisip, aking
tinatarok ang mga puso, upang magbigay sa bawa't tao ng
ayon sa kanikaniyang lakad, ayon sa bunga ng kanikaniyang
mga gawain. 11 Kung paanong lumilimlim ang pugo sa
mga itlog na hindi kaniya, gayon siya nagtatangkilik ng
mga kayamanan, at hindi sa pamamagitan ng matuwid; sa
kaniyang mga kaarawan ay iiwan niya yaon, at sa kaniyang
wakas ay nagiging mangmang siya. 12 Ang maluwalhating
luklukan, na naitaas mula nang pasimula, ay siyang dako
ng aming santuario. 13 Oh Panginoon, na pagasa ng
Israel, lahat na nagpapabaya sa iyo ay mapapahiya. Silang
nagsisihiwalay sa akin ay masusulat sa lupa, sapagka't
kanilang pinabayaan ang Panginoon, na bukal ng buhay na
tubig. 14 Iyong pagalingin ako, Oh Panginoon, at gagaling
ako; iyong iligtas ako, at maliligtas ako: sapagka't ikaw ang
aking kapurihan. 15 Narito, kanilang sinasabi sa akin, Saan
nandoon ang salita ng Panginoon? paratingin ngayon. 16 Sa
ganang akin, ay hindi ako nagmadali sa pagpapakapastor
sa pagsunod sa iyo; o ninasa ko man ang kaabaabang
kaarawan: iyong nalalaman: ang lumabas sa aking mga
labi ay nasa harap ng iyong mukha. 17 Huwag maging
kakilabutan sa akin: ikaw ang aking kanlungan sa araw ng
kasakunaan. 18 Mangapahiya sila sa nagsisiusig sa akin,
nguni't huwag akong mapahiya; manganglupaypay sila,
nguni't huwag akong manglupaypay; datnan sila ng araw ng
kasakunaan, at ipahamak sila ng ibayong pagkapahamak.
19 Ganito ang sabi ng Panginoon sa akin, Ikaw ay yumaon,
at tumayo ka sa pintuang-bayan ng mga anak ng bayan, na
pinapasukan, at nilalabasan ng mga hari sa Juda, at sa lahat
ng pintuang-bayan ng Jerusalem; 20 At iyong sabihin sa
kanila, Inyong dinggin ang salita ng Panginoon, ninyong mga
hari sa Juda, at ng buong Juda, at ng lahat na nananahan
sa Jerusalem, na nagsisipasok sa pintuang-bayang ito: 21
Ganito ang sabi ng Panginoon, Mangagingat kayo sa inyong
sarili, at huwag kayong mangagdala ng pasan sa araw ng
sabbath, o mangagpasok man sa mga pintuang-bayan ng
Jerusalem; 22 Huwag din kayong maglabas ng pasan sa
inyong mga bahay sa araw ng sabbath, o magsigawa man
kayo ng anomang gawain: kundi inyong ipangilin ang araw
ng sabbath, gaya ng iniutos ko sa inyong mga magulang.

23 Nguni't hindi nila dininig, o ikiniling man ang kanilang
pakinig, kundi pinapagmatigas ang kanilang leeg, upang
huwag nilang marinig, at huwag makatanggap ng turo. 24 At
mangyayari, kung kayo'y mangakinig na maingat sa akin,
sabi ng Panginoon, na huwag magpasok ng pasan sa mga
pintuan ng bayang ito sa araw ng sabbath, kundi ipangilin
ang araw ng sabbath, upang huwag gawan ng anomang
gawain; 25 Kung magkagayo'y magsisipasok sa mga pintuan
ng bayang ito ang mga hari at mga prinsipe na nangauupo
sa luklukan ni David, na nangakakaro at nangakakabayo,
sila at ang kanilang mga pangulo, ang mga lalake ng Juda,
at ang mga taga Jerusalem; at ang bayang ito ay mananatili
magpakailan man. 26 At sila'y manganggagaling sa mga
bayan ng Juda, at sa mga palibot ng Jerusalem, at sa lupain
ng Benjamin, at sa mababang lupain, at sa mga bundok, at
sa Timugan, na magdadala ng mga handog na susunugin,
at ng mga hain, at ng mga alay, at ng kamangyan, at
mangagdadala ng mga hain na pasalamat sa bahay ng
Panginoon. 27 Nguni't kung hindi ninyo didinggin ako upang
ipangilin ang araw ng sabbath, at huwag mangagdala ng
pasan at pumasok sa mga pintuang-bayan ng Jerusalem sa
araw ng sabbath; kung magkagayo'y magsusulsol ako ng
apoy sa mga pintuang-bayan niyaon, at pupugnawin niyaon
ang mga palacio sa Jerusalem, at hindi mapapatay.

**18** Ang salita na dumating kay Jeremias mula sa
Panginoon, na nagsasabi, 2 Ikaw ay bumangon, at
bumaba sa bahay ng magpapalyok, at aking iparirinig sa iyo
ang aking mga salita roon. 3 Nang magkagayo'y bumaba ako
sa bahay ng magpapalyok, at, narito, siya'y gumagawa ng
kaniyang gawa sa pamamagitan ng mga gulong. 4 At nang
mabasag sa kamay ng magpapalyok ang sisidlang putik na
kaniyang ginagawa, ay gumawa siya uli ng ibang sisidlan, na
minagaling na gawin ng magpapalyok. 5 Nang magkagayo'y
dumating sa akin ang salita ng Panginoon, na nagsasabi, 6
Oh sangbahayan ni Israel, hindi baga ako makagagawa
sa inyo na gaya ng paggawa ng magpapalyok na ito? sabi
ng Panginoon. Narito, kung paano ang putik sa kamay ng
magpapalyok, gayon kayo sa kamay ko, Oh sangbahayan ni
Israel. 7 Sa anomang sandali ay magsasalita ako ng tungkol
sa isang bansa, at tungkol sa isang kaharian, upang bunutin
at upang ibagsak at upang lipulin; 8 Kung ang bansang yaon,
na aking pinagsalitaan, ay humiwalay sa kanilang kasamaan,
ako'y magsisisi sa kasamaan na aking inisip gawin sa kanila.
9 At sa anomang sangdali ay magsasalita ako ng tungkol
sa isang bansa, at tungkol sa isang kaharian, upang itayo
at upang itatag; 10 Kung gumawa ng kasamaan sa aking
paningin, na hindi sundin ang aking tinig, ay pagsisisihan ko
nga ang kabutihan, na aking ipinagsabing pakikinabangan
nila. 11 Ngayon nga, salitain mo sa mga tao sa Juda,
at sa mga nananahan sa Jerusalem, na iyong sabihin,
Ganito ang sabi ng Panginoon, Narito, ako'y humahaka ng
kasamaan laban sa inyo, at kumatha ng katha-katha laban
sa inyo: manumbalik bawa't isa sa inyo mula sa kanikaniyang
masamang lakad, at inyong pabutihin ang inyong mga lakad
at ang inyong mga gawa. 12 Nguni't kanilang sinabi, Walang
pagasa; sapagka't kami ay magsisisunod sa aming sariling
mga katha-katha, at magsisigawa bawa't isa sa amin ng
ayon sa katigasan ng kanikaniyang masamang puso. 13
Kaya't ganito ang sabi ng Panginoon, Inyong itanong nga sa
mga bansa, kung sinong nakarinig ng ganiyang mga bagay?
ang dalaga ng Israel ay gumawa ng totoong kakilakilabot
na bagay. 14 Magkukulang baga ng niebe sa Lebano sa
bato sa parang? ang malamig na tubig na umaagos mula sa
malayo ay matutuyo baga? 15 Sapagka't kinalimutan ako ng
aking bayan, sila'y nangagsunog ng kamangyan sa mga
diosdiosan; at sila'y nangatisod sa kanilang mga lakad, sa
mga dating landas, at pinalalakad sa mga lana, sa daan
na hindi patag; 16 Upang gawin ang kanilang lupain na
isang katigilan, at walang hanggang kasutsutan; lahat na
nangagdadaan doon ay mangatitigilan, at mangaggagalaw
ng ulo. 17 Aking pangangalatin sila na parang hanging
silanganan sa harap ng kaaway; tatalikuran ko sila, at
hindi ko haharapin, sa kaarawan ng kanilang kasakunaan,
18 Nang magkagayo'y sinabi nila, Kayo'y magsiparito, at
tayo'y magsikatha ng mga katha-katha laban kay Jeremias;
sapagka't ang kautusan ay hindi mawawala sa saserdote,
o ang payo man sa pantas, o ang salita man sa propeta.
Kayo'y magsiparito, at ating saktan siya ng dila, at huwag
nating pansinin ang kaniyang mga salita. 19 Pakinggan
mo ako, Oh Panginoon, at ulinigin mo ang tinig nila na
nakikipagtalo sa akin. 20 Igaganti baga'y kasamaan sa
kabutihan? sapagka't sila'y nagsihukay ng hukay para sa
akin. Iyong alalahanin kung paanong ako'y tumayo sa harap
mo, upang magsalita ng mabuti para sa kanila, upang
ihiwalay ang iyong kapusukan sa kanila. 21 Kaya't ibigay mo
ang kanilang mga anak sa kagutom, at ibigay mo sila sa
kapangyarihan ng tabak; at ang kanilang mga asawa ay
mawalan ng anak, at mga bao; at ang kanilang mga lalake
ay mangapatay sa patayan, at ang kanilang mga binata ay
masugatan ng tabak sa pagbabaka. 22 Makarinig nawa ng
daing mula sa kanilang mga bahay, pagka ikaw ay biglang
magdadala ng hukbo sa kanila; sapagka't sila'y nagsihukay
ng hukay upang hulihin ako, at ipinagkubli ng mga silo ang
aking mga paa. 23 Gayon man, Panginoon, iyong talastas
ang lahat nilang payo laban sa akin upang patayin ako;
huwag mong ipatawad ang kanilang kasamaan, o pawiin mo
man ang kanilang kasalanan sa iyong paningin; kundi sila'y

mangatisod sa harap mo; parusahan mo sila sa kaarawan
ng iyong galit.

**19** Ganito ang sabi ng Panginoon, Ikaw ay yumaon, at
bumili ka ng isang sisidlang lupa ng magpapalyok,
at magsama ka ng mga matanda sa bayan, at ng mga
matanda sa mga saserdote; 2 At ikaw ay lumabas sa libis
ng anak ni Hinnom, na nasa tabi ng pasukan ng pintuang-
bayan ng Harsit, at itanyag mo roon ang mga salita na
aking sasaysayin sa iyo: 3 At iyong sabihin, Inyong dinggin
ang salita ng Panginoon, Oh mga hari sa Juda, at mga
nananahan sa Jerusalem: Ganito ang sabi ng Panginoon ng
mga hukbo, ng Dios ng Israel, Narito, ako'y magpaparating
ng kasamaan sa dakong ito, na sinomang makarinig ay
magpapanting ang mga pakinig. 4 Sapagka't kanilang
pinabayaan ako, at kanilang pinapaging iba ang dakong ito,
at nangagsunog sila ng kamangyan dito sa ibang mga dios,
na hindi nila nakilala, nila at ng kanilang mga magulang at ng
mga hari sa Juda, at pinuno ang dakong ito ng dugo ng mga
walang sala, 5 At itinayo ang mga mataas na dako ni Baal,
upang sunugin ang kanilang mga anak sa apoy na mga
pinakahandog na susunugin kay Baal; na hindi ko iniutos, o
sinalita man, o pumasok man sa aking pagiisip: 6 Kaya't
narito, ang mga kaarawan ay dumarating, sabi ng Panginoon,
na ang dakong ito ay hindi na tatawaging Topheth, ni Ang
libis ng anak ni Hinnom, kundi Ang libis ng Patayan. 7 At
aking sasayangin ang payo ng Juda at ng Jerusalem sa
dakong ito; at aking ibubuwal sila sa pamamagitan ng tabak
sa harap ng kanilang mga kaaway, at sa pamamagitan ng
kamay ng nagsisiusig ng kanilang buhay: at ang kanilang
mga bangkay ay mangabibigay na pinakapagkain sa mga
ibon sa himpapawid, at sa mga hayop sa lupa. 8 At gagawin
ko ang bayang ito na katigilan, at kasutsutan; bawa't isa na
mangagdadaan doon ay mangatitigilan at magsisisutsot dahil
sa lahat na salot niyaon. 9 At pakakanin ko sila ng laman ng
kanilang mga anak na lalake at ang laman ng kanilang mga
anak na babae; at kakain bawa't isa sa kanila ng laman
ng kaniyang kaibigan, sa pagkakulong at sa kagipitan, na
igigipit sa kanila ng kanilang mga kaaway, at ng nagsisiusig
ng kanilang buhay. 10 Kung magkagayo'y babasagin mo ang
sisidlang lupa sa paningin ng mga lalake na nagsisiyaong
kasama mo, at iyong sasabihin sa kanila, 11 Ganito ang
sabi ng Panginoon ng mga hukbo, Ganito ko babasagin
ang mga taong ito at ang bayang ito, gaya ng pagbasag
ng isang sisidlan ng magpapalyok, na hindi mabubuo uli;
at sila'y mangaglilibing sa Topheth hanggang sa mawalan
ng dakong mapaglilibingan. 12 Ganito ang gagawin ko sa
dakong ito, sabi ng Panginoon, at sa mga nananahan dito,
sa makatuwid baga'y gagawin ang bayang ito na gaya ng
Topheth: 13 At ang mga bahay ng Jerusalem, at ang mga
bahay ng mga hari sa Juda, na nangahawa ay magiging
gaya ng dako ng Topheth, lahat ng bahay na ang mga
bubungan ay pinagsunugan ng kamangyan sa lahat ng
natatanaw sa langit, at pinagbuhusan ng mga handog na
inumin sa ibang mga dios. 14 Nang magkagayo'y nagbalik si
Jeremias mula sa Topheth, na pinagsuguan sa kaniya ng
Panginoon upang manghula; at siya'y tumayo sa looban ng
bahay ng Panginoon, at nagsabi sa buong bayan, 15 Ganito
ang sabi ng Panginoon ng mga hukbo, ng Dios ng Israel,
Narito, ako'y magdadala sa bayang ito, at sa kaniyang lahat
na bayan ng lahat na kasamaan na aking sinalita laban
doon; sapagka't kanilang pinapagmatigas ang kanilang leeg,
upang huwag nilang marinig ang aking salita.

**20** Napakinggan ni Pashur, na anak ni Immer, na
saserdote, na siyang pangulong pinuno sa bahay ng
Panginoon, si Jeremias na nanghuhula ng mga bagay na
ito. 2 Nang magkagayo'y sinaktan ni Pashur si Jeremias
na propeta, at inilagay siya sa pangawan na nasa lalong
mataas na pintuang-bayan ng Benjamin, na nasa bahay ng
Panginoon. 3 At nangyari, nang kinabukasan, na inilabas ni
Pashur si Jeremias mula sa pangawan. Nang magkagayo'y
sinabi ni Jeremias sa kaniya, Hindi tinawag ng Panginoon
ang iyong pangalan na Pashur, kundi Magormissabib. 4
Sapagka't ganito ang sabi ng Panginoon, Narito, gagawin
kitang kakilabutan sa iyong sarili, at sa lahat mong mga
kaibigan; at sila'y mangabubuwal sa pamamagitan ng tabak
ng kanilang mga kaaway, at mamamasdan ng iyong mga
mata: at ibibigay ko ang buong Juda sa kamay ng hari sa
Babilonia, at kaniyang dadalhin sila na bihag sa Babilonia,
at papatayin sila ng tabak. 5 Bukod dito ay ibibigay ko
ang lahat na kayamanan ng bayang ito, at ang lahat na
pakinabang nito, at ang lahat na mahalagang bagay nito, oo,
ang lahat na kayamanan ng mga hari sa Juda ay ibibigay
ko sa kamay ng kanilang mga kaaway; na magsisisamsam
sa kanila, at magsisihuli sa kanila, at mangagdadala sa
kanila sa Babilonia. 6 At ikaw Pashur, at ang lahat na
tumatahan sa iyong bahay ay magsisipasok sa pagkabihag;
at paroroon ka sa Babilonia, at doon ka mamamatay, at
doon ka malilibing, ikaw, at ang lahat mong mga kaibigan,
na iyong pinanghulaan na may kasinungalingan. 7 Oh
Panginoon, iyong hinikayat ako, at ako'y nahikayat; ikaw ay
lalong malakas kay sa akin, at nanaig ka: ako'y nagiging
katatawanan lahat ng araw, bawa't isa'y tumutuya sa akin. 8
Sapagka't kung paano kadalas nagsasalita ako, humihiyaw
ako; humihiyaw ako, Pangdadahas at paninira; sapagka't
ang salita ng Panginoon ay naging kakutyaan sa akin, at
kadustaan, lahat ng araw. 9 At kung aking sabihin, Hindi ko
babanggitin siya, o magsasalita ng ano pa man sa kaniyang
pangalan, mayroon nga sa aking puso na wari nagaalab

na apoy na nakukulong sa aking mga buto, at ako'y pagod
ng pagpipigil, at hindi makapagpigil. **10** Sapagka't aking
narinig ang paninirang puri ng marami, kakilabutan sa lahat
ng dako. Kayo'y mangagsumbong, at aming isusumbong
siya, sabi ng lahat ng mga kasamasama kong kaibigan,
na nagsisipaghintay ng aking pagkabagsak; marahil siya'y
mahihikayat, at tayo'y mangananaig laban sa kaniya, at
tayo'y mangakagaganti sa kaniya. **11** Nguni't ang Panginoon
ay sumasaakin na parang makapangyarihan at kakilakilabot:
kaya't ang mga manguusig sa akin ay mangatitisod, at
sila'y hindi mangananaig; sila'y lubhang mangapapahiya,
sapagka't sila'y hindi nagsisigawang may karunungan, ng
walang hanggang kapintasan na hindi malilimutan. **12**
Nguni't, Oh Panginoon ng mga hukbo, na tumatarok ng
matuwid, at nakakakita ng mga pagiisip at ng puso, ipakita
mo sa akin ang iyong panghihiganti sa kanila; sapagka't sa
iyo ay inihayag ko ang aking usap. **13** Kayo'y magsiawit
sa Panginoon, magsipuri kayo sa Panginoon; sapagka't
kaniyang iniligtas ang kaluluwa ng mapagkailangan mula sa
kamay ng mga manggagawa ng kasamaan. **14** Sumpain
ang araw na kinapanganakan sa akin: huwag pagpalain
ang araw na kinapanganakan sa akin ng aking ina. **15**
Sumpain ang tao na nagdala ng balita sa aking ama, na
nagsabi, Isang lalake ay ipinanganak sa iyo, na pinasaya
siyang mainam. **16** At ang lalaking yaon ay maging gaya ng
mga bayang giniba ng Panginoon, at hindi pinagsisihan:
at makarinig nawa siya ng daing sa umaga, at hiyawan sa
katanghaliang tapat; **17** Sapagka't hindi niya pinatay ako sa
bahay-bata; at sa gayo'y naging libingan ko sana ang aking
ina, at ang kaniyang bahay-bata, ay naging laging dakila
sana. **18** Bakit nga ako'y nalabas sa bahay-bata upang
makakita ng hirap at kapanglawan, upang ang aking mga
araw ay manaw na may kahihiyan?

**21** Ang salita na dumating kay Jeremias na mula sa
Panginoon, nang suguin ng haring Sedechias sa
kaniya si Pashur na anak ni Malchias, at si Sephanias na
anak ni Maasias na saserdote, na sinasabi, **2** Isinasamo ko
sa iyo, na ipagusisa mo kami sa Panginoon; sapagka't si
Nabucodonosor na hari sa Babilonia, ay nakikipagdigma
laban sa amin: marahil ang Panginoon ay gagawa sa amin
ng ayon sa lahat niyang kamanghamanghang gawa, upang
siya'y sumampa na mula sa amin. **3** Nang magkagayo'y
sinabi ni Jeremias sa kanila, Ganito ang inyong sasabihin
kay Sedechias: **4** Ganito ang sabi ng Panginoon, ng Dios ng
Israel, Narito, ibabalik ko ang mga almas na pangdigma na
nangasa inyong mga kamay, na inyong ipinakikipaglaban sa
hari sa Babilonia, at laban sa mga Caldeo na kinukubkob
ninyo sa labas ng mga kuta, at aking pipisanin sa gitna
ng bayang ito. **5** At ako sa aking sarili ay lalaban sa
inyo na may unat na kamay at may malakas na bisig, sa
galit, at sa kapusukan, at sa malaking poot. **6** At aking
susugatan ang mga mananahan sa bayang ito, ang tao at
gayon din ang hayop: sila'y mangamamatay sa malaking
pagkasalot. **7** At pagkatapos, sabi ng Panginoon, aking
ibibigay si Sedechias na hari sa Juda, at ang kaniyang mga
lingkod, at ang bayan, at yaong nangaiwan sa bayang ito
na mula sa pagkasalot, mula sa tabak, at mula sa gutom,
sa kamay ni Nabucodonosor na hari sa Babilonia, at sa
kamay ng kanilang mga kaaway, at sa kamay ng nagsisiusig
ng kanilang buhay: at kaniyang susugatan sila ng talim ng
tabak; hindi niya patatawarin sila, o panghihinayangan man,
o kaaawaan man. **8** At sa bayang ito ay sasabihin mo, Ganito
ang sabi ng Panginoon, Narito, inilalagay ko sa harap ninyo
ang daan ng kabuhayan at ang daan ng kamatayan, **9** Ang
tumatahan sa bayang ito ay mamamatay sa pamamagitan ng
kagutom, at sa pamamagitan ng tabak at sa pamamagitan ng
salot; nguni't ang lumalabas at kumakampi sa mga Caldeo
na kumukubkob sa inyo, siya'y mabubuhay, at ang kaniyang
buhay ay magiging sa kaniya'y pinakahuli. **10** Sapagka't
itinitig ko ang mukha ko sa bayang ito sa ikasasama, at hindi
sa ikabubuti, sabi ng Panginoon: ito'y ibibigay sa kamay
ng hari sa Babilonia, at kaniyang susunugin sa apoy. **11** At
tungkol sa sangbahayan ng hari sa Juda, inyong pakinggan
ang salita ng Panginoon, **12** Oh sangbahayan ni David,
ganito ang sabi ng Panginoon, Maglapat ka ng kahatulan
sa umaga, at iligtas mo ang nanakawan sa kamay ng
mamimighati, baka ang aking kapusukan ay lumabas na
parang apoy, at magningas na walang makapatay, dahil sa
kasamaan ng inyong mga gawain. **13** Narito, ako'y laban sa
iyo, Oh nananahan sa libis, at sa batohan ng kapatagan,
sabi ng Panginoon; kayong nangagsasabi, Sinong bababang
laban sa atin? o sinong papasok sa ating mga tahanan? **14**
At aking parurusahan kayo ayon sa bunga ng inyong mga
gawa, sabi ng Panginoon; at ako'y magsusulsol ng apoy sa
kaniyang gubat, at susupukin niyaon ang lahat na nangasa
palibot niyaon.

**22** Ganito ang sabi ng Panginoon, Bumaba ka sa bahay
ng hari sa Juda, at iyong salitain doon ang salitang ito,
**2** At iyong sabihin, Dinggin mo ang salita ng Panginoon,
Oh hari sa Juda, na nauupo sa luklukan ni David, ikaw at
ang iyong mga lingkod, at ang iyong bayan na pumapasok
sa mga pintuang ito. **3** Ganito ang sabi ng Panginoon,
Mangagsagawa kayo ng kahatulan at ng katuwiran, at
iligtas ninyo ang nanakawan sa kamay ng mamimighati:
at huwag kayong magsigawa ng kamalian, huwag kayong
magsigawa ng pangdadahas sa mga nakikipamayan, sa
ulila, o sa babaing bao man; o mangagbubo man ng walang
salang dugo sa dakong ito. **4** Sapagka't kung tunay na

inyong gawin ang bagay na ito, magsisipasok nga sa mga
pintuang-daan ng bahay na ito ang mga hari na nangauupo
sa luklukan ni David, na nakasakay sa mga karo at sa
mga kabayo, siya at ang kaniyang mga lingkod, at ang
kaniyang bayan. **5** Nguni't kung hindi ninyo didinggin ang
mga salitang ito, ako'y susumpa sa aking sarili, sabi ng
Panginoon, na ang bahay na ito ay masisira. **6** Sapagka't
ganito ang sabi ng Panginoon tungkol sa sangbahayan ng
hari sa Juda, Ikaw ay Galaad sa akin, at ulo ng Libano;
gayon ma'y tunay na gagawin kitang isang ilang, at mga
bayang hindi tinatahanan. **7** At ako'y maghahanda ng
mga manglilipol laban sa iyo, bawa't isa'y may kaniyang
mga almas; at kanilang puputulin ang iyong mga piling
cedro, at ipaghahagis sa apoy. **8** At maraming bansa'y
magsisipagdaan sa bayang ito, at mangagsasabi bawa't isa
sa kanila sa kaniyang kapuwa, Ano't gumawa ang Panginoon
ng ganito sa dakilang bayang ito? **9** Kung magkagayo'y
magsisisagot sila, Sapagka't kanilang pinabayaan ang tipan
ng Panginoon na kanilang Dios, at nagsisamba sa ibang
mga dios, at mga pinaglingkuran. **10** Huwag ninyong iyakan
ang patay, o panaghuyan man ninyo siya; kundi iyakan
ninyong mainam ang yumayaon; sapagka't hindi na siya
babalik, o makikita man niya ang kaniyang lupaing tinubuan.
**11** Sapagka't ganito ang sabi ng Panginoon tungkol kay
Sallum na anak ni Josias, na hari sa Juda, na nagharing
kahalili ni Josias na kaniyang ama, na lumabas sa dakong
ito. Siya'y hindi na babalik pa rito: **12** Kundi sa dakong
pinagdalhan sa kaniyang bihag, doon siya mamamatay, at
hindi na niya makikita ang lupaing ito. **13** Sa aba niya na
nagtatayo ng kaniyang bahay sa pamamagitan ng kalikuan,
at ng kaniyang mga silid sa pamamagitan ng kalisyaan;
na pinapaglilingkod ng kaniyang kapuwa na walang upa,
at hindi niya binibigyan ng kaniyang kabayaran; **14** Na
nagsasabi, Ako'y magtatayo ng maluwang na bahay at
maluwang na mga silid, at nabubuksan ng mga dungawan;
at nakikisamihan ng cedro, at nakukulayan ng pula. **15**
Ikaw baga'y maghahari, sapagka't ikaw ay mayroong lalong
maraming cedro? hindi ba ang iyong ama ay kumain at
uminom, at naglapat ng kahatulan at kaganapan? nang
magkagayo'y ikinabuti niya. **16** Kaniyang hinatulan ang
usap ng dukha at mapagkailangan; nang magkagayo'y
ikinabuti nga. Hindi baga ito ang pagkilala sa akin? sabi ng
Panginoon. **17** Nguni't ang iyong mga mata at ang iyong puso
ay sa kasakiman lamang, at upang magbubo ng walang
salang dugo, at sa kapighatian, at sa karahasan, upang
gawin. **18** Kaya't ganito ang sabi ng Panginoon tungkol
kay Joacim na anak ni Josias, na hari sa Juda, Hindi nila
tataghuyan siya, na sasabihin, Ah kapatid kong lalake! o, Ah
kapatid na babae! hindi nila tataghuyan siya, na sasabihin,
Ah panginoon! o, Ah kaniyang kaluwalhatian! **19** Siya'y
malilibing ng libing asno, na hihilahin at itatapon sa labas ng
mga pintuang-bayan ng Jerusalem. **20** Ikaw ay sumampa sa
Libano, at humiyaw; at ilakas mo ang iyong tinig sa Basan,
at ikaw ay humiyaw mula sa Abarim; sapagka't lahat ng
mangingibig sa iyo ay nalipol. **21** Ako'y nagsalita sa iyo sa
iyong kaginhawahan; nguni't iyong sinabi, Hindi ko didinggin.
Ito ang naging iyong paraan mula sa iyong kabataan, na
hindi mo dininig ang aking tinig. **22** Lahat mong pastor
ay pakakanin ng hangin, at ang mga mangingibig sa iyo
ay mapapapasok sa pagkabihag; kung magkagayon ikaw
ay mapapahiya at malilito dahil sa lahat mong kasamaan.
**23** Oh nananahan sa Libano, na ginagawa mo ang iyong
pugad sa mga cedro, kahabaghabag ka nga pagka ang mga
pagdaramdam ay dumating sa iyo, ang hirap na gaya ng sa
babae sa pagdaramdam! **24** Buhay ako, sabi ng Panginoon,
bagaman si Conias na anak ni Joacim na hari sa Juda ay
maging singsing na panatak sa aking kanang kamay, akin
ngang huhugutin ka mula roon; **25** At aking ibibigay ka sa
kamay ng nagsisiusig ng iyong buhay, at sa kamay nila na
iyong kinatatakutan, sa kamay ni Nabucodonosor na hari sa
Babilonia, at sa kamay ng mga Caldeo. **26** At itataboy ka, at
ang iyong ina na nanganak sa iyo, sa ibang lupain, na hindi
pinapanganakan sa inyo; at doon kayo mangamamatay. **27**
Nguni't sa lupain na pinagnanasaan ng kanilang kaluluwa na
pagbalikan, doon hindi sila mababalik. **28** Ito bagang lalaking
si Conias ay isang sisidlang basag na walang kabuluhan?
siya baga'y sisidlan na hindi kinaluluguran? bakit kanilang
itinataboy, siya at ang kaniyang angkan, at itinapon sa lupain
na hindi nila kilala? **29** Oh lupa, lupa, lupa, iyong pakinggan
ang salita ng Panginoon. **30** Ganito ang sabi ng Panginoon,
Isulat ninyo ang lalaking ito na walang anak, ang lalake
na hindi giginhawa sa kaniyang mga kaarawan; sapagka't
walang tao sa kaniyang angkan na giginhawa pa, na nauupo
sa luklukan ni David, hindi na magpupuno pa sa Juda.

**23** Sa aba ng mga pastor na nangagpapahamak at
nangagpapangalat sa mga tupa sa aking pastulan!
sabi ng Panginoon. **2** Kaya't ganito ang sabi ng Panginoon,
ng Dios ng Israel, laban sa mga pastor na nangagpastol ng
aking bayan, Inyong pinangalat ang aking kawan, at inyong
iniligaw sila, at hindi ninyo sila dinalaw; narito, dadalawin
ko sa inyo ang kasamaan ng inyong mga gawa, sabi ng
Panginoon. **3** At aking pipisanin ang nalabi sa aking kawan
mula sa lahat na lupain na aking pinagtabuyan sa kanila, at
aking dadalhin sila uli sa kanilang mga kulungan; at sila'y
magiging palaanak at magsisidami. **4** At ako'y maglalagay ng
mga pastor sa kanila na kakandili sa kanila; at hindi na sila
matatakot, o manglulupaypay pa, o kukulangin ang sinoman
sa kanila, sabi ng Panginoon. **5** Narito, ang mga araw ay

dumarating, sabi ng Panginoon, na ako'y magbabangon kay
David ng matuwid na Sanga, at siya'y maghahari na gaya
ng hari, at gagawang may kapantasan, at magsasagawa
ng kahatulan at kaganapan sa lupain. **6** Sa kaniyang mga
kaarawan ay maliligtas ang Juda, at ang Israel ay tatahang
tiwasay; at ito ang kaniyang pangalan na itatawag sa kaniya,
Ang Panginoon ay ating katuwiran. **7** Kaya't narito, ang
mga araw ay dumarating, sabi ng Panginoon, na hindi na
nila sasabihin, Buhay ang Panginoon, na nagahon ng mga
anak ni Israel mula sa lupain ng Egipto; **8** Kundi, Buhay
ang Panginoon, na nagahon at pumatnubay sa angkan
ng binhi ng Israel mula sa hilagaang lupain, at mula sa
lahat ng lupain na aking pinagtabuyan sa kanila. At sila'y
magsisitahan sa kanilang sariling lupain. **9** Tungkol sa
mga propeta. Ang puso ko sa loob ko ay bagbag, lahat
kong buto ay nanginginig; ako'y parang langong tao, at
parang taong dinaig ng alak, dahil sa Panginoon, at dahil sa
kaniyang mga banal na salita. **10** Sapagka't ang lupain ay
puno ng mga mangangalunya; sapagka't dahil sa sumpa ay
tumatangis ang lupain; ang mga pastulan sa ilang ay natuyo.
At ang kanilang lakad ay masama, at ang kanilang lakas ay
hindi matuwid. **11** Sapagka't ang propeta ay gayon din ang
saserdote ay marumi; oo, sa aking bahay ay nasumpungan
ko ang kanilang kasamaan, sabi ng Panginoon. **12** Kaya't ang
kanilang daan ay magiging sa kanila'y parang mga madulas
na dako sa kadiliman: sila'y isusudlong, at mangabubuwal
doon; sapagka't ako'y magpaparating ng kasamaan sa kanila,
sa makatuwid baga'y sa taon ng pagdalaw sa kanila, sabi ng
Panginoon. **13** At nakita ko ang kamangmangan sa mga
propeta ng Samaria; sila'y nanganghuhula sa pamamagitan
ni Baal, at inililigaw ang aking bayang Israel. **14** Sa mga
propeta ng Jerusalem naman ay nakita ko ang kakilakilabot
na bagay: sila'y nangangalunya, at nagsisilakad sa mga
kasinungalingan; at kanilang pinalalakas ang mga kamay
ng mga manggagawa ng kasamaan, na anopa't walang
humihiwalay sa kaniyang kasamaan: silang lahat ay naging
parang Sodoma sa akin, at ang mga nananahan dito ay
parang Gomorra. **15** Kaya't ganito ang sabi ng Panginoon ng
mga hukbo tungkol sa mga propeta, Narito, aking pakakanin
sila ng ajenjo, at paiinumin ko sila ng inuming mapait,
sapagka't mula sa mga propeta ng Jerusalem ay lumabas
ang pagdudumi sa buong lupain. **16** Ganito ang sabi ng
Panginoon ng mga hukbo, Huwag ninyong dinggin ang
mga salita ng mga propeta na nanganghuhula sa inyo:
sila'y nangagtuturo sa inyo ng walang kabuluhan; sila'y
nangagsasalita ng pangitain ng kanilang sariling puso, at
hindi mula sa bibig ng Panginoon. **17** Kanilang sinasabing
lagi sa kanila na nagsisihamak sa akin, Sabi ng Panginoon,
Kayo'y mangagkakaroon ng kapayapaan; at sa bawa't isa na
lumalakad sa katigasan ng kaniyang sariling puso ay sinasabi
nila, Walang kasamaang darating sa inyo. **18** Sapagka't
sinong tumayo sa payo ng Panginoon, upang makamalas
at makarinig ng kaniyang salita? sinong nakinig ng aking
salita, at nakarinig? **19** Narito, ang bagyo ng Panginoon,
ang kaniyang kapusukan, ay lumabas, oo, ipoipong bagyo:
babagsak sa ulo ng masama. **20** Ang galit ng Panginoon
ay hindi mapaparam, hanggang sa kaniyang magawa, at
hanggang sa kaniyang maisagawa ang haka ng kaniyang
puso: sa mga huling araw ay lubos ninyong mauunawa.
**21** Hindi ko sinugo ang mga propetang ito, gayon ma'y
nagsitakbo sila: ako'y hindi nagsalita sa kanila, gayon ma'y
nanghula sila. **22** Nguni't kung sila'y nanayo sana sa aking
payo, kanila ngang naiparinig ang aking mga salita sa
aking bayan, at kanilang naihiwalay sa kanilang masamang
lakad, at sa kasamaan ng kanilang mga gawa. **23** Ako
baga'y Dios lamang sa malapit, sabi ng Panginoon, at hindi
Dios sa malayo? **24** May makapagkukubli bagang sinoman
sa mga lihim na dako na hindi ko makikita siya? sabi ng
Panginoon, Hindi baga pinupuno ko ang langit at ang lupa?
sabi ng Panginoon. **25** Aking narinig kung ano ang sinabi ng
mga propeta, na nanganghuhula ng mga kasinungalingan
sa aking pangalan, na nangagsasabi, Ako'y nanaginip,
ako'y nanaginip. **26** Hanggang kailan masusumpungan
ito sa puso ng mga propeta na nanganghuhula ng mga
kasinungalingan; sa makatuwid baga'y ng mga propeta
na nanganghuhula ng daya ng kanilang sariling puso?
**27** Na nagaakalang magpalimot sa aking bayan ng aking
pangalan sa pamamagitan ng kanilang mga panaginip na
sinasaysay ng bawa't isa sa kanila sa kaniyang kapuwa,
gaya ng kanilang mga magulang na nakalimot ng aking
pangalan dahil kay Baal. **28** Ang propeta na nanaginip, ay
magsaysay siya ng isang panaginip; at siyang nagtamo ng
aking salita, salitain niya ang aking salita na may pagtatapat.
Ano ang dayami sa trigo? sabi ng Panginoon. **29** Hindi
baga ang aking salita ay parang apoy? sabi ng Panginoon;
at parang pamukpok na dumudurog ng bato? **30** Kaya't
narito, ako'y laban sa mga propeta, sabi ng Panginoon, na
ninanakaw ng bawa't isa ang aking mga salita sa kaniyang
kapuwa. **31** Narito, ako'y laban sa mga propeta, sabi ng
Panginoon, na nagsisipagsalita, at nangagsasabi, Kaniyang
sinasabi. **32** Narito, ako'y laban sa kanila na nanghuhula
ng mga sinungaling na panaginip, sabi ng Panginoon, at
sinasaysay, at inililigaw ang aking bayan sa pamamagitan
ng kanilang mga kasinungalingan, at sa pamamagitan ng
kanilang walang kabuluhang kahambugan: gayon man
ay hindi ko sinugo sila, o inutusan ko man sila; at hindi
man pinakikinabangan nila ang bayang ito sa anomang
paraan, sabi ng Panginoon. **33** At pagka ang bayang ito, o

ang propeta, o ang saserdote ay magtatanong sa iyo, na
magsasabi, Ano ang hula na mula sa Panginoon? iyo ngang
sasabihin sa kanila, Anong hula! Aking itatakuwil kayo, sabi
ng Panginoon. **34** At tungkol sa propeta, at sa saserdote, at
sa bayan, na magsasabi, Ang hula na mula sa Panginoon, ay
akin ngang parurusahan ang lalaking yaon at ang kaniyang
sangbahayan. **35** Ganito ang sasabihin ng bawa't isa sa inyo
sa kaniyang kapuwa, at ng bawa't isa sa kaniyang kapatid,
Ano ang isinagot ng Panginoon? at, Ano ang sinalita ng
Panginoon? **36** At ang hula na mula sa Panginoon ay hindi
na ninyo babanggitin pa: sapagka't bawa't sariling salita ng
tao ay magiging kaniyang hula; sapagka't inyong binago ang
mga salita ng buhay na Dios, ng Panginoon ng mga hukbo
na ating Dios. **37** Ganito ang iyong sasabihin sa propeta,
Ano ang isinagot sa iyo ng Panginoon? at, Ano ang sinalita
ng Panginoon? **38** Nguni't kung inyong sabihin, Ang hula
na mula sa Panginoon; ganito nga ang sabi ng Panginoon:
Sapagka't inyong sinasabi ang salitang ito, Ang hula na
mula sa Panginoon, at ako'y nagsugo sa inyo, na sinabi ko,
Huwag ninyong sasabihin, Ang hula na mula sa Panginoon;
**39** Kaya't, narito, aking lubos na kalilimutan kayo, at aking
itatakuwil kayo, at ang bayang ibinigay ko sa inyo at sa
inyong mga magulang, mula sa aking harapan: **40** At ako'y
magpaparating ng walang hanggang kakutyaan sa inyo, at
walang hanggang kahihiyan, na hindi malilimutan.

**24** Ang Panginoon ay nagpakita sa akin, at, narito,
dalawang bakol na igos ay nakalagay sa harap ng
templo ng Panginoon, pagkatapos na madalang bihag ni
Nabucodonosor na hari sa Babilonia si Jechonias na anak
ni Joacim, hari sa Juda, at ang mga prinsipe sa Juda, na
kasama ng mga manggagawa at ng mga mangbabakal, mula
sa Jerusalem, at mangadala sila sa Babilonia. **2** Ang isang
bakol ay may totoong mga mabuting igos, na parang mga
igos na mga unang hinog; at ang isang bakol ay may totoong
masamang mga igos, na hindi makain, nangapakasama. **3**
Nang magkagayo'y sinabi ng Panginoon sa akin, Anong
iyong nakikita, Jeremias? At aking sinabi, Mga igos; ang mga
mabuting igos, totoong mabuti; at ang masasama, totoong
masama na hindi makakain, dahil sa nangapakasama. **4** At
ang salita ng Panginoon ay dumating sa akin, na nagsabi,
**5** Ganito ang sabi ng Panginoon, ng Dios ng Israel, Kung
paano ang mga mabuting igos na ito, gayon ko kikilalanin
ang mga bihag ng Juda, na aking pinayaon mula sa dakong
ito na patungo sa lupain ng mga Caldeo, sa ikabubuti. **6**
Sapagka't aking itititig ang aking mga mata sa kanila sa
ikabubuti, at aking dadalhin sila uli sa lupaing ito: at aking
itatayo sila, at hindi ko itutulak sila; at aking itatatag sila, at
hindi ko paaalisin. **7** At aking bibigyan sila ng puso upang
makilala ako, na ako ang Panginoon: at sila'y magiging aking
bayan, at ako'y magiging kanilang Dios; sapagka't sila'y
manunumbalik sa akin ng kanilang buong puso. **8** At kung
paanong ang masasamang igos, na hindi makakain, dahil sa
nangapakasama, tunay na ganito ang sabi ng Panginoon,
Sa gayo'y pababayaan ko si Sedechias na hari sa Juda, at
ang kaniyang mga prinsipe, at ang nalabi sa Jerusalem,
na naiwan sa lupaing ito, at ang nagsisitahan sa lupain
ng Egipto. **9** Akin silang pababayaan upang mapahapay
na paroo't parito sa gitna ng lahat na kaharian sa lupa sa
ikasasama; upang maging kakutyaan at kawikaan, kabiruan
at sumpa, sa lahat ng dakong aking pagtatabuyan sa kanila.
**10** At aking pararatingin ang tabak, ang kagutom, at ang
salot, sa gitna nila, hanggang sa sila'y mangalipol sa lupain
na ibinigay ko sa kanila at sa kanilang mga magulang.

**25** Ang salita na dumating kay Jeremias tungkol sa buong
bayan ng Juda nang ikaapat na taon ni Joacim na
anak ni Josias, na hari sa Juda (siya ring unang taon ni
Nabucodonosor na hari sa Babilonia), **2** Na siyang sinalita ni
Jeremias na propeta sa buong bayan ng Juda, at sa lahat
ng nananahan sa Jerusalem, na sinasabi, **3** Mula nang
ikalabing tatlong taon ni Josias na anak ni Ammon, na hari sa
Juda, hanggang sa araw na ito, nitong dalawang pu't tatlong
taon, ang salita ng Panginoon ay dumating sa akin, at aking
sinalita sa inyo na ako'y bumangong maaga, at nagsalita;
nguni't hindi ninyo dininig. **4** At sinugo ng Panginoon sa
inyo ang lahat niyang lingkod na mga propeta na gumising
na maaga, at sinugo sila (nguni't hindi ninyo dininig, o
ikiniling man ninyo ang inyong pakinig upang mangakinig),
**5** Na nangagsasabi, Magsihiwalay bawa't isa sa inyo sa
kanikaniyang masamang lakad, at sa kasamaan ng inyong
mga gawa, at kayo'y magsitahan sa lupain na ibinigay ng
Panginoon sa inyo at sa inyong mga magulang, mula nang
una at hanggang sa magpakailan pa man; **6** At huwag
kayong magsisunod sa ibang mga dios na mangaglingkod
sa kanila, at magsisamba sa kanila, at huwag ninyo akong
mungkahiin sa galit ng gawa ng inyong mga kamay, at hindi
ko kayo sasaktan. **7** Gayon ma'y hindi kayo nangakinig
sa akin, sabi ng Panginoon; upang mungkahiin ninyo ako
sa galit, ng gawa ng inyong mga kamay sa inyong sariling
ikapapahamak. **8** Kaya't ganito ang sabi ng Panginoon ng
mga hukbo, Sapagka't hindi ninyo dininig ang aking mga
salita, **9** Narito, ako'y magsusugo at kukunin ko ang lahat na
angkan sa hilagaan, sabi ng Panginoon, at ako'y magsusugo
kay Nabucodonosor na hari sa Babilonia, na aking lingkod,
at aking dadalhin sila laban sa lupaing ito, at laban sa mga
nananahan dito, at laban sa lahat ng bansang ito sa palibot;
at aking lubos na lilipulin sila, at gagawin ko silang katigilan,
at kasutsutan, at mga walang hanggang kagibaan. **10** Bukod
dito'y aalisin ko sa kanila ang tinig ng kalayawan at ang tinig

ng kasayahan, ang tinig ng kasintahang lalaki at ang tinig
ng kasintahang babae, ang tunog ng mga batong gilingan,
at ang liwanag ng ilawan. 11 At ang buong lupaing ito
ay magiging sira, at katigilan; at ang mga bansang ito ay
maglilingkod sa hari sa Babilonia na pitong pung taon. 12 At
mangyayari, pagkaganap ng pitong pung taon, na aking
parurusahan ang hari sa Babilonia, at ang bansang yaon,
sabi ng Panginoon, dahil sa kaniyang kasamaan, at ang
lupain ng mga Caldeo; at aking gagawing sira magpakailan
man. 13 At aking gaganapin sa lupaing yaon ang lahat na
aking salita na aking sinalita laban doon, lahat ng nakasulat
sa aklat na ito, na inihula ni Jeremias laban sa lahat na
bansa. 14 Sapagka't maraming bansa at mga dakilang hari
ay paglilingkuran nila, nila nga; at gagantihan ko sila ayon
sa kanilang mga kilos, at ayon sa gawa ng kanilang mga
kamay. 15 Sapagka't ganito ang sabi ng Panginoon, ng
Dios ng Israel, sa akin, Abutin mo itong saro ng alak ng
kapusukan sa aking kamay, at painumin mo ang lahat na
bansa na pinagsuguan ko sa iyo. 16 At sila'y magsisiinom, at
magsisihapay na paroo't parito, na mangauulol, dahil sa
tabak na aking pasasapitin sa kanila. 17 Nang magkagayo'y
inabot ko ang saro sa kamay ng Panginoon, at pinainom ko
ang lahat na bansang pinagsuguan ng Panginoon: 18 Sa
makatuwid, ang Jerusalem, at ang mga bayan ng Juda, at
ang mga hari niyaon, at ang mga prinsipe niyaon, upang
gawin silang kagibaan, katigilan, kasutsutan, at sumpa; gaya
sa araw na ito; 19 Si Faraong hari sa Egipto, at ang kaniyang
mga lingkod, at ang kaniyang mga prinsipe, at ang buong
bayan niya; 20 At ang lahat ng halohalong bayan, at ang
lahat ng hari sa lupain ng Hus, at ang lahat ng hari sa lupain
ng mga Filisteo, at ang Ascalon, at ang Gaza, at ang Ecron,
at ang nalabi sa Asdod; 21 Ang Edom, at ang Moab, at ang
mga anak ni Ammon; 22 At ang lahat ng hari sa Tiro, at ang
lahat ng hari sa Sidon, at ang hari sa pulo na nasa dako
roon ng dagat; 23 Ang Dedan, at ang Tema, at ang Buz,
at ang lahat ng magsisiputol ng mga laylayan ng kanilang
buhok; 24 At ang lahat ng hari sa Arabia, at ang lahat ng
hari sa halohalong bayan na nagsisitahan sa ilang; 25 At
ang lahat ng hari sa Zimri, at ang lahat ng hari sa Elam, at
ang lahat ng hari ng mga Medo; 26 At ang lahat ng hari
sa hilagaan, malayo't malapit na isa't isa; at ang lahat ng
kaharian sa sanglibutan, na nangasa ibabaw ng lupa: at
ang hari sa Sesach ay magsisiinom pagkatapos nila. 27 At
iyong sasabihin sa kanila, Ganito ang sabi ng Panginoon ng
mga hukbo, ng Dios ng Israel, Kayo'y magsiinom, at kayo'y
mangagpakalasing, at kayo'y magsisuka, at mangabuwal, at
huwag na kayong magsibangon, dahil sa tabak na aking
pasasapitin sa inyo. 28 At mangyayari, kung tanggihan nilang
abutin ang saro sa iyong kamay upang inuman, sasabihin mo
nga sa kanila, Ganito ang sabi ng Panginoon ng mga hukbo,
Kayo'y walang pagsalang magsisiinom. 29 Sapagka't, narito,
ako'y nagpapasimulang gumawa ng kasamaan sa bayang
tinawag sa aking pangalan, at kayo baga'y lubos na hindi
mapaparusahan? Kayo'y walang pagsalang parurusahan;
sapagka't aking tatawagin ang tabak laban sa lahat ng
nananahan sa lupa, sabi ng Panginoon ng mga hukbo. 30
Kaya't ihula mo laban sa kanila ang lahat ng mga salitang ito,
at sabihin mo sa kanila, Ang Panginoon ay uungol mula sa
itaas, at ilalakas ang kaniyang tinig mula sa kaniyang banal
na tahanan; siya'y uungol ng malakas laban sa kaniyang
kulungan; siya'y hihiyaw, gaya nila na magsisiyapak ng
ubas, laban sa lahat na nananahan sa lupa. 31 Ang ingay
ay darating hanggang sa wakas ng lupa; sapagka't ang
Panginoon ay may pakikipagpunyagi sa mga bansa, siya'y
papasok sa paghatol sa lahat ng tao; tungkol sa masasama
ay kaniyang ibibigay sila sa tabak, sabi ng Panginoon.
32 Ganito ang sabi ng Panginoon ng mga hukbo, Narito,
kasamaan ay mangyayari sa bansa at bansa, at malakas
na bagyo ay ibabangon mula sa kahulihulihang bahagi
ng lupa. 33 At ang mapapatay ng Panginoon sa araw na
yao'y magiging mula sa isang dulo ng lupa hanggang sa
kabilang dulo ng lupa: sila'y hindi tataghuyan, o dadamputin
man, o ililibing man; sila'y magiging dumi sa ibabaw ng
lupa. 34 Kayo'y magsiangal, kayong mga pastor, at kayo'y
magsihiyaw; at kayo'y mangagsigumon sa abo, kayong
pinakamainam sa kawan; sapagka't ang mga kaarawan ng
pagpatay at ang pangangalat sa inyo ay lubos na dumating,
at kayo'y mangababagsak na parang mainam na sisidlan. 35
At ang mga pastor ay walang daang tatakasan, o tatanan
man ang pinakamainam sa kawan. 36 Tinig ng hiyaw
ng mga pastor, at ng angal ng pinakamainam sa kawan!
sapagka't inilalagay ng Panginoon na sira ang kanilang
pastulan. 37 At ang mga payapang tahanan ay nangadala
sa katahimikan dahil sa mabangis na galit ng Panginoon.
38 Kaniyang pinabayaan ang kaniyang kublihan na gaya
ng leon; sapagka't ang kanilang lupain ay naging katigilan
dahil sa kabangisan ng mamimighating tabak, at dahil sa
kaniyang mabangis na kagalitan.

**26** Nang pasimula ng paghahari ni Joacim na anak ni
Josias, na hari sa Juda, dumating ang salitang ito na
mula sa Panginoon, na nagsasabi, 2 Ganito ang sabi ng
Panginoon, Tumayo ka sa looban ng bahay ng Panginoon at
salitain mo sa lahat ng bayan ng Juda, na nagsisiparoon
upang magsisamba sa bahay ng Panginoon, ang lahat na
salita na iniutos ko sa iyo upang salitain sa kanila; huwag
kang magbawas ng kahit isang salita. 3 Marahil ay kanilang
didinggin, at hihiwalay ang bawa't tao sa kanikaniyang
masamang lakad; upang aking mapagsisihan ang kasamaan

na aking pinanukalang gawin sa kanila dahil sa kasamaan
ng kanilang mga gawa. **4** At iyong sasabihin sa kanila,
Ganito ang sabi ng Panginoon, Kung hindi ninyo didinggin
ako, na magsilakad sa aking kautusan, na aking inilagay
sa harap ninyo, **5** Na makinig sa mga salita ng aking mga
lingkod na mga propeta, na aking sinusugo sa inyo, na
bumabangon akong maaga at sinusugo ko sila, nguni't hindi
ninyo pinakinggan; **6** Ay akin ngang gagawin ang bahay
na ito na gaya ng Silo, at gagawin ko ang bayang ito na
sumpa sa lahat ng mga bansa sa lupa. **7** At narinig ng
mga saserdote at ng mga propeta at ng buong bayan si
Jeremias na nagsasalita ng mga salitang ito sa bahay ng
Panginoon. **8** At nangyari, nang si Jeremias ay makatapos
sa pagsasalita ng lahat na iniutos ng Panginoon sa kaniya
na salitain sa buong bayan, na hinuli siya ng mga saserdote
at ng mga propeta at ng buong bayan, na sinasabi: Ikaw
ay walang pagsalang mamamatay. **9** Bakit ka nanghula
sa pangalan ng Panginoon, na iyong sinasabi, Ang bahay
na ito ay magiging gaya ng Silo, at ang bayang ito ay
magiging sira, na mawawalan ng mananahan? At ang bayan
ay nagpipisan kay Jeremias sa bahay ng Panginoon. **10**
At nang mabalitaan ng mga prinsipe sa Juda ang mga
bagay na ito, sila'y nagsisampa sa bahay ng Panginoon na
mula sa bahay ng hari; at sila'y nangaupo sa pasukan ng
bagong pintuang-daan ng bahay ng Panginoon. **11** Nang
magkagayo'y nagsalita ang mga saserdote at ang mga
propeta sa mga prinsipe at sa buong bayan, na sinasabi, Ang
lalaking ito ay marapat patayin; sapagka't siya'y nanghula
laban sa bayang ito, gaya ng inyong narinig ng inyong mga
pakinig. **12** Nang magkagayo'y nagsalita si Jeremias sa lahat
ng prinsipe at sa buong bayan, na sinasabi, Sinugo ako
ng Panginoon upang manghula laban sa bahay na ito at
laban sa bayang ito ng lahat na salita na inyong narinig.
**13** Kaya't ngayo'y pabutihin ninyo ang inyong mga lakad
at ang inyong mga gawa, at inyong talimahin ang tinig ng
Panginoon ninyong Dios; at pagsisisihan ng Panginoon ang
kasamaan na kaniyang sinalita laban sa inyo. **14** Nguni't
tungkol sa akin, narito, ako'y nasa inyong kamay: inyong
gawin sa akin ang minamabuti at minamatuwid sa harap ng
inyong mga mata. **15** Talastasin lamang ninyong mabuti na
kung ako'y inyong ipapatay, kayo'y magdadala ng walang
salang dugo sa inyo at sa bayang ito, at sa mga nananahan
dito: sapagka't katotohanang sinugo ako ng Panginoon sa
inyo upang magsalita ng lahat ng mga salitang ito sa inyong
mga pakinig. **16** Nang magkagayo'y sinabi ng mga pangulo
at ng buong bayan sa mga saserdote at sa mga propeta:
Ang lalaking ito ay hindi marapat patayin; sapagka't siya'y
nagsalita sa atin sa pangalan ng Panginoon nating Dios. **17**
Nang magkagayo'y nagsitindig ang ilan sa mga matanda
sa lupain, at nangagsalita sa buong kapulungan ng bayan,
na nangagsasabi, **18** Si Miqueas na Morastita ay nanghula
sa mga kaarawan ni Ezechias na hari sa Juda: at siya'y
nagsalita sa buong bayan ng Juda, na nagsasabi, Ganito ang
sabi ng Panginoon ng mga hukbo, Ang Sion ay aararuhing
parang bukid, at ang Jerusalem ay magiging mga bunton, at
ang bundok ng bahay ay parang mga mataas na dako sa
gugubat. **19** Si Ezechias bagang hari sa Juda at ang buong
Juda ay nagpapatay sa kaniya? hindi baga siya natakot sa
Panginoon, at dumalangin ng lingap ng Panginoon, at ang
Panginoon ay nagsisi sa kasamaan na kaniyang sinalita
laban sa kanila? Ganito gagawa tayo ng malaking kasamaan
laban sa ating sariling mga kaluluwa. **20** At may lalake
naman na nanghula sa pangalan ng Panginoon, si Urias na
anak ni Semaias na taga Chiriath-jearim: at siya'y nanghula
laban sa lupaing ito ayon sa lahat ng mga salita ni Jeremias:
**21** At nang marinig ni Joacim na hari sangpu ng lahat niyang
mga makapangyarihang lalake, at ng lahat na prinsipe, ang
kaniyang mga salita, pinagsikapan ng hari na ipapatay siya;
nguni't nang marinig ni Urias, siya'y natakot, at tumakas, at
pumasok sa Egipto: **22** At si Joacim na hari ay nagsugo
ng mga lalake sa Egipto, ang mga ito nga, si Elnathan
na anak ni Acbor, at ilang mga lalake na kasama niya, sa
Egipto: **23** At kaniyang inilabas si Urias sa Egipto, at dinala
niya siya kay Joacim na hari; na pumatay sa kaniya ng
tabak, at naghagis ng kaniyang bangkay sa mga libingan ng
karaniwang tao. **24** Nguni't ang kamay ni Ahicam na anak
ni Zaphan ay sumasa kay Jeremias upang huwag siyang
ibigay nila sa kamay ng bayan at ipapatay siya.

**27** Nang pasimula ng paghahari ni Joacim na anak ni
Josias, na hari sa Juda, dumating ang salitang ito kay
Jeremias na mula sa Panginoon, na nagsasabi, **2** Ganito
ang sabi ng Panginoon sa akin, Gumawa ka para sa iyo ng
mga panali at mga pamatok, at ilagay mo sa iyong batok, **3**
At iyong mga ipadala sa hari sa Edom, at sa hari sa Moab,
at sa hari ng mga anak ni Ammon, at sa hari sa Tiro, at
sa hari sa Sidon, sa pamamagitan ng kamay ng mga sugo
na nagsisiparoon sa Jerusalem kay Sedechias na hari sa
Juda, **4** At ipagbilin mo sa kanilang mga panginoon, na
iyong sabihin, Ganito ang sabi ng Panginoon ng mga hukbo,
ng Dios ng Israel, Ganito ang inyong sasabihin sa inyong
mga panginoon. **5** Aking ginawa ang lupa, ang tao at ang
hayop na nasa ibabaw ng lupa, sa pamamagitan ng aking
dakilang kapangyarihan, at sa pamamagitan ng aking unat
na bisig; at aking ibinigay doon sa minamarapat ko. **6** At
ngayon ay ibinigay ko ang lahat ng lupaing ito sa kamay
ni Nabucodonosor na hari sa Babilonia, na aking lingkod
at ang mga hayop sa parang ay ibinigay ko rin naman sa
kaniya upang mangaglingkod sa kaniya. **7** At lahat ng mga

bansa ay mangaglilingkod sa kaniya, at sa kaniyang anak
at sa anak ng kaniyang anak, hanggang dumating ang
panahon ng kaniyang sariling lupain: at kung magkagayo'y
maraming bansa at mga dakilang hari ay paglilingkuran
siya. 8 At mangyayari, na ang bansa at ang kaharian na
hindi maglilingkod kay Nabucodonosor na hari sa Babilonia,
at yaong hindi yuyukod ng kanilang ulo sa pamatok ng
hari sa Babilonia, ang bansang yaon, sabi ng Panginoon,
ay parurusahan ko ng tabak, at ng kagutom, at ng salot,
hanggang sa aking malipol sila sa pamamagitan ng kaniyang
kamay. 9 Nguni't tungkol sa inyo, huwag ninyong dinggin
ang inyong mga propeta, o ang inyong mga manghuhula
man, o ang inyong mga panaginip man, o ang inyong mga
mapamahiin man, o ang inyong mga manggagaway man,
na nangagsasalita sa inyo, na nagsasabi, Kayo'y hindi
mangaglilingkod sa hari sa Babilonia: 10 Sapagka't sila'y
nanganghuhula ng kasinungalingan sa inyo, upang ilayo
kayo sa inyong lupain; at aking palalayasin kayo at kayo'y
mangalilipol. 11 Nguni't ang bansa na iyukod ang kaniyang
ulo sa pamatok ng hari sa Babilonia, at maglilingkod sa
kaniya, ang bansang yaon ay aking ilalabi sa kaniyang
sariling lupain, sabi ng Panginoon; at kanilang bubukirin, at
tatahanan. 12 At ako'y nagsalita kay Sedechias na hari sa
Juda ayon sa lahat ng mga salitang ito na aking sinabi, Inyong
iyukod ang inyong ulo sa pamatok ng hari sa Babilonia, at
mangaglilingkod kayo sa kaniya at sa kaniyang bayan, at
kayo'y mangabuhay: 13 Bakit kayo'y mangamamatay, ikaw, at
ang iyong bayan, sa pamamagitan ng tabak, ng kagutom, at
ng salot, gaya ng sinalita ng Panginoon tungkol sa bansa na
hindi maglilingkod sa hari sa Babilonia? 14 At huwag kayong
mangakinig ng salita ng mga propeta na nangagsasalita
sa inyo, na nangagsasabi, Kayo'y hindi mangaglilingkod
sa hari sa Babilonia: sapagka't sila'y nanganghuhula ng
kabulaanan sa inyo. 15 Sapagka't hindi ko sinugo sila,
sabi ng Panginoon; kundi sila'y nanganghuhulang may
kasinungalingan sa aking pangalan; upang aking mapalayas
kayo, at kayo'y mangalipol, kayo, at ang mga propeta na
nanganghuhula sa inyo. 16 Ako naman ay nagsalita rin sa
mga saserdote at sa lahat ng bayang ito, na nagsasabi,
Ganito ang sabi ng Panginoon: Huwag kayong mangakinig
ng mga salita ng inyong mga propeta, na nanganghuhula sa
inyo, na nangagsasabi, Narito, ang mga sisidlan ng bahay ng
Panginoon ay madaling madadala uli na mula sa Babilonia:
sapagka't sila'y nanganghuhula ng kasinungalingan sa inyo.
17 Huwag ninyong dinggin sila, mangaglingkod kayo sa
hari sa Babilonia, at kayo'y mangabuhay: bakit nga ang
bayang ito ay magiging sira? 18 Nguni't kung sila'y mga
propeta, at ang mga salita ng Panginoon ay sumasakanila,
mamagitan sila ngayon sa Panginoon ng mga hukbo, upang
ang mga sisidlan na naiwan sa bahay ng Panginoon at
sa bahay ng hari sa Juda, at ng Jerusalem, ay huwag
mangaparoon sa Babilonia. 19 Sapagka't ganito ang sabi
ng Panginoon ng mga hukbo tungkol sa mga haligi, at
tungkol sa dagatdagatan, at tungkol sa mga tungtungan,
at tungkol sa nalabi sa mga sisidlan na nangaiwan sa
bayang ito, 20 Na hindi kinuha ni Nabucodonosor na hari
sa Babilonia, nang kaniyang dalhing bihag si Jechonias
na anak ni Joacim na hari sa Juda, mula sa Jerusalem
hanggang sa Babilonia, at ang lahat ng mahal na tao ng
Juda at ng Jerusalem; 21 Oo, ganito ang sabi ng Panginoon
ng mga hukbo, ng Dios ng Israel, tungkol sa mga sisidlan
na naiwan sa bahay ng Panginoon, at sa bahay ng hari sa
Juda, at ng Jerusalem: 22 Mangadadala sa Babilonia, at
mangapaparoon, hanggang sa araw na dalawin ko sila,
sabi ng Panginoon; kung magkagayo'y isasampa ko sila, at
isasauli ko sa dakong ito.

**28** At nangyari, nang taon ding yaon sa pasimula ng
paghahari ni Sedechias na hari sa Juda, sa ikaapat
na taon, sa ikalimang buwan, na si Hananias na anak ni
Azur na propeta, na taga Gabaon, ay nagsalita sa akin sa
bahay ng Panginoon, sa harapan ng mga saserdote, at ng
buong bayan, na nagsasabi, 2 Ganito ang sinasalita ng
Panginoon ng mga hukbo, ng Dios ng Israel, na nagsasabi,
Aking inalis ang pamatok ng hari sa Babilonia. 3 Sa loob
ng dalawang buong taon ay dadalhin ko uli sa dakong ito,
ang lahat na sisidlan ng bahay ng Panginoon, na dinala
ni Nabucodonosor na hari sa Babilonia mula sa dakong
ito, at mga dinala sa Babilonia: 4 At aking dadalhin uli sa
dakong ito si Jechonias na anak ni Joacim, na hari sa Juda,
sangpu ng lahat na bihag sa Juda, na nangaparoon sa
Babilonia, sabi ng Panginoon: sapagka't aking aalisin ang
pamatok ng hari sa Babilonia. 5 Nang magkagayo'y nagsabi
ang propeta Jeremias sa propeta Hananias sa harapan
ng mga saserdote, at sa harapan ng buong bayan, na
nakatayo sa bahay ng Panginoon, 6 Sinabi nga ng propeta
Jeremias, Siya nawa: gawing gayon ng Panginoon: isagawa
ng Panginoon ang iyong mga salita na iyong ipinanghula,
na ibalik uli ang mga sisidlan ng bahay ng Panginoon,
at silang lahat na bihag, mula sa Babilonia hanggang sa
dakong ito. 7 Gayon ma'y dinggin mo ang mga salitang ito
na sinasalita ko sa iyong mga pakinig, at sa mga pakinig
ng buong bayan: 8 Ang mga naging propeta bago ako at
bago ikaw nang una ay nanghula laban sa maraming lupain,
at laban sa mga malaking kaharian, tungkol sa digma, at
tungkol sa kasamaan, at tungkol sa salot. 9 Ang propeta,
na nanghuhula ng tungkol sa kapayapaan, ay makikilala
nga siyang propeta, na tunay na sinugo ng Panginoon
siya, pagka ang salita ng propeta ay mangyayari. 10 Nang

magkagayo'y kinuha ng propeta Hananias ang pamatok
sa batok ng propeta Jeremias, at binali. 11 At si Hananias
ay nagsalita sa harapan ng buong bayan, na nagsasabi:
Ganito ang sabi ng Panginoon, Gayon ko rin babaliin ang
pamatok ni Nabucodonosor na hari sa Babilonia sa loob
ng dalawang taong ganap sa batok ng lahat na bansa.
At ang propeta Jeremias ay yumaon ng kaniyang lakad.
12 Nang magkagayo'y dumating ang salita ng Panginoon
kay Jeremias, pagkatapos na mabali ni Hananias ang
pamatok sa batok ng propeta Jeremias, na nagsasabi, 13
Ikaw ay yumaon, at saysayin mo kay Hananias na iyong
sabihin, Ganito ang sabi ng Panginoon: Iyong binali ang mga
pamatok na kahoy, nguni't ginawa mo na kahalili ng mga
yaon ay mga pamatok na bakal. 14 Sapagka't ganito ang
sabi ng Panginoon ng mga hukbo, ng Dios ng Israel, Ako'y
naglagay ng pamatok na bakal sa batok ng lahat na bansang
ito, upang sila'y makapaglingkod kay Nabucodonosor na
hari sa Babilonia; at sila'y mangaglilingkod sa kaniya: at
ibinigay ko rin sa kaniya ang mga hayop sa parang. 15 Nang
magkagayo'y sinabi ng propeta Jeremias kay Hananias na
propeta, Dinggin mo ngayon, Hananias; hindi ka sinugo
ng Panginoon; kundi iyong pinaasa ang bayang ito sa
kasinungalingan. 16 Kaya't ganito ang sabi ng Panginoon,
Narito, ikaw ay aking palalayasin mula sa ibabaw ng lupa:
mamamatay ka sa taong ito sapagka't ikaw ay nagsalita ng
panghihimagsik laban sa Panginoon. 17 Sa gayo'y namatay
si Hananias na propeta ng taon ding yaon sa ikapitong
buwan.

**29** Ito nga ang mga salita ng sulat na ipinadala ni
Jeremias na propeta mula sa Jerusalem sa nalabi
sa mga matanda sa pagkabihag, at sa mga saserdote, at
sa mga propeta, at sa buong bayan, na dinalang bihag
ni Nabucodonosor sa Babilonia mula sa Jerusalem: 2
(Pagkatapos na makaalis sa Jerusalem si Jechonias na
hari, at ang ina ng hari, at ang mga bating, at ang mga
prinsipe sa Juda at sa Jerusalem, at ang mga manggagawa
at ang mga mangbabakal; ) 3 Sa pamamagitan ng kamay
ni Elasa na anak ni Saphan, at ni Gemarias na anak ni
Hilcias, (na siyang sinugo sa Babilonia ni Sedechias na
hari sa Juda kay Nabucodonosor na hari sa Babilonia, )
na nagsasabi, 4 Ganito ang sabi ng Panginoon ng mga
hukbo, ng Dios ng Israel, sa lahat ng bihag na aking
ipinadalang bihag sa Babilonia mula sa Jerusalem, 5 Kayo'y
mangagtayo ng mga bahay, at inyong tahanan; at kayo'y
maghalamanan, at kanin ninyo ang bunga ng mga yaon. 6
Magsipagasawa kayo, at kayo'y mangagkaanak ng mga
lalake at mga babae; at ikuha ninyo ng mga asawa ang
inyong mga anak na lalake, at inyong ibigay na asawa ang
inyong mga anak na babae, upang sila'y mangagkaanak
ng mga lalake at mga babae: at kayo'y magsidami roon,
at huwag kayong magpakaunti. 7 At inyong hanapin ang
kapayapaan sa bayan na aking pinagdalhan sa inyong bihag,
at inyong idalangin sa Panginoon: sapagka't sa kapayapaan
niyaon ay magkakaroon naman kayo ng kapayapaan. 8
Sapagka't ganito ang sabi ng Panginoon ng mga hukbo,
ng Dios ng Israel, Huwag kayong dayain ng mga propeta
na nangasa gitna ninyo, at ng inyong mga manghuhula, o
mangakinig man kayo sa inyong mga panaginip na inyong
napapanaginip. 9 Sapagka't sila'y nanganghuhulang may
kasinungalingan sa inyo sa aking pangalan: hindi ko sinugo
sila, sabi ng Panginoon. 10 Sapagka't ganito ang sabi ng
Panginoon, Pagkatapos na maganap ang pitong pung taon
sa Babilonia, aking dadalawin kayo, at aking tutuparin ang
aking mabuting salita sa inyo, sa pagpapabalik sa inyo sa
dakong ito. 11 Sapagka't nalalaman ko ang mga pagiisip
na aking iniisip sa inyo, sabi ng Panginoon, mga pagiisip
tungkol sa kapayapaan, at hindi tungkol sa kasamaan,
upang bigyan kayo ng pagasa sa inyong huling wakas.
12 At kayo'y magsisitawag sa akin, at kayo'y magsisiyaon
at magsisidalangin sa akin, at aking didinggin kayo. 13
At inyong hahanapin ako, at masusumpungan ako, pagka
inyong sisiyasatin ako ng inyong buong puso. 14 At ako'y
masusumpungan sa inyo, sabi ng Panginoon, at aking
ibabalik uli kayo na mula sa inyong pagkabihag, at aking
pipisanin kayo mula sa lahat ng bansa, at mula sa lahat ng
dako na aking pinagtabuyan sa inyo, sabi ng Panginoon; at
aking ibabalik kayo uli sa dakong mula sa aking pinagdalhang
bihag sa inyo. 15 Sapagka't inyong sinabi, Ang Panginoon
ay nagbangon sa amin ng mga propeta sa Babilonia. 16
Sapagka't ganito ang sabi ng Panginoon tungkol sa hari na
nauupo sa luklukan ni David, at tungkol sa buong bayan na
tumatahan sa bayang ito, sa inyo ngang mga kapatid na hindi
nagsilabas na kasama ninyo sa pagkabihag; 17 Ganito ang
sabi ng Panginoon ng mga hukbo, Narito, aking susuguin sa
kanila ang tabak, ang kagutom at ang salot, at gagawin ko
silang parang masamang igos, na hindi makakain, dahil sa
nangapakasama. 18 At aking hahabulin sila ng tabak, at
kagutom, at ng salot, at aking ibibigay sila sa kakutyaan
na paroo't parito sa gitna ng lahat na kaharian sa lupa,
upang maging kasumpaan, at katigilan, at kasutsutan, at
katuyaan, sa gitna ng lahat na bansa na aking pinagtabuyan
sa kanila; 19 Sapagka't hindi sila nangakinig sa aking mga
salita, sabi ng Panginoon, na aking mga ipinasugo sa aking
mga propeta, na ako'y bumangong maaga at sinugo ko
sila; nguni't hindi ninyo dininig sila, sabi ng Panginoon. 20
Inyo ngang dinggin ang salita ng Panginoon, ninyong lahat
na nasa pagkabihag, na aking itinaboy sa Babilonia mula
sa Jerusalem. 21 Ganito ang sabi ng Panginoon ng mga

hukbo, ng Dios ng Israel, tungkol kay Achab na anak ni
Colias, at tungkol kay Sedechias na anak ni Maasias na
nanghuhula ng kasinungalingan sa inyo sa aking pangalan,
Narito, aking ibibigay sila sa kamay ni Nabucodonosor na
hari sa Babilonia; at papatayin niya sila sa harap ng inyong
mga mata; **22** At sa kanila kukuha ng kasumpaan sa lahat
ng bihag sa Juda na nangasa Babilonia, na magsasabi,
Gawin ka ng Panginoon na gaya ni Sedechias at gaya
ni Achab, na iniihaw sa apoy ng hari sa Babilonia. **23**
Sapagka't sila'y gumawang may kamangmangan sa Israel,
at nangalunya sa mga asawa ng kanilang mga kapuwa,
at nangagsalita ng mga salita sa aking pangalan na may
kasinungalingan, na hindi ko iniutos sa kanila; at ako ang
siyang nakakakilala, at ako'y saksi, sabi ng Panginoon. **24** At
tungkol kay Semaias na Nehelamita ay iyong sasalitain,
na sasabihin, **25** Ganito ang sinasalita ng Panginoon ng
mga hukbo, ng Dios ng Israel, na sinasabi, Sapagka't ikaw
ay nagpadala ng mga sulat sa iyong sariling pangalan sa
buong bayan na nasa Jerusalem, at kay Sophonias na
anak ni Maasias na saserdote, at sa lahat na saserdote, na
iyong sinasabi, **26** Ginawa kang saserdote ng Panginoon
na kahalili ni Joiada na saserdote, upang kayo'y maging
mga lingkod sa bahay ng Panginoon, sa bawa't tao na ulol,
at nagpapanggap na propeta, upang iyong mailagay sa
pangawan at sa mga tanikala. **27** Ngayon nga, bakit hindi mo
sinaway si Jeremias na taga Anathoth, na nagpapanggap na
propeta sa inyo, **28** Yamang siya'y nagsugo sa Babilonia, na
nagsasabi, Ang pagkabihag ay malaon: kayo'y mangagtayo
ng mga bahay at inyong tahanan; at kayo'y mangaghalaman,
at inyong kanin ang bunga ng mga yaon? **29** At binasa ni
Sophonia na saserdote ang sulat na ito sa mga pakinig
ni Jeremias na propeta. **30** Nang magkagayo'y dumating
ang salita ng Panginoon kay Jeremias, na nagsasabi, **31**
Ikaw ay magsugo sa kanilang lahat na nasa pagkabihag, na
iyong sabihin, Ganito ang sabi ng Panginoon tungkol kay
Semaias na Nehelamita. Yamang nanghula si Semaias sa
inyo, at hindi ko sinugo siya, at kaniyang pinatiwala kayo sa
kasinungalingan. **32** Kaya't ganito ang sabi ng Panginoon,
Narito, aking parurusahan si Semaias na Nehelamita, at
ang kaniyang binhi; siya'y hindi magkakaroon ng lalake
na tatahan sa gitna ng bayang ito, o mamamasdan man
niya ang mabuti na gagawin ko sa aking bayan, sabi ng
Panginoon, sapagka't siya'y nagsalita ng panghihimagsik
laban sa Panginoon.

**30** Ang salita na dumating kay Jeremias na mula sa
Panginoon, na nagsasabi, **2** Ganito ang sinasalita ng
Panginoon, ng Dios ng Israel, na nagsasabi, Iyong isulat sa
isang aklat ang lahat ng mga salita na aking sinalita sa iyo.
**3** Sapagka't, narito, ang mga araw ay dumarating, sabi ng
Panginoon na aking ibabalik na mula sa pagkabihag ang
aking bayang Israel at Juda, sabi ng Panginoon, at aking
pababalikin sila sa lupain na aking ibinigay sa kanilang mga
magulang, at kanilang aariin. **4** At ang mga ito ang mga
salita na sinalita ng Panginoon tungkol sa Israel at tungkol
sa Juda. **5** Sapagka't ganito ang sabi ng Panginoon; Kami
ay nangakarinig ng tinig ng panginginig, ng takot, at hindi
ng kapayapaan. **6** Kayo'y magtanong ngayon, at inyong
tingnan kung ang lalake ay nagdaramdam ng panganganak:
bakit aking nakikita ang lahat na lalake na ang mga kamay
ay nangasa kaniyang mga balakang na parang babae sa
pagdaramdam, at ang lahat na mukha ay naging maputla?
**7** Ay! sapagka't ang araw na yaon ay dakila, na anopa't
walang gaya niyaon: siya ngang panahon ng kabagabagan
ng Jacob; nguni't siya'y maliligtas doon. **8** At mangyayari
sa araw na yaon, sabi ng Panginoon ng mga hukbo na
aking aalisin ang kaniyang pamatok sa iyo, at aking papatirin
ang iyong mga tali at hindi na siya maglilingkod pa sa
mga taga ibang lupa: **9** Kundi kanilang paglilingkuran ang
Panginoong kanilang Dios, at si David na kanilang hari, na
aking ibabangon sa kanila. **10** Kaya't huwag kang masindak,
Oh Jacob na aking lingkod, sabi ng Panginoon; huwag ka
mang manglupaypay, Oh Israel: sapagka't narito, ililigtas
kita mula sa malayo, at ang iyong binhi mula sa lupain ng
kanilang pagkabihag; at ang Jacob ay babalik, at magiging
tahimik at tiwasay, at walang tatakot sa kaniya. **11** Sapagka't
ako'y sumasaiyo sabi ng Panginoon upang iligtas kita:
sapagka't gagawa ako ng lubos na kawakasan sa lahat na
bansa na aking pinapangalatan sa iyo, nguni't hindi ako
gagawa ng lubos na kawakasan sa iyo; kundi sasawayin
kita ng kahatulan, at walang pagsalang hindi kita iiwan na
walang parusa. **12** Sapagka't ganito ang sabi ng Panginoon,
Ang iyong sakit ay walang kagamutan, at ang iyong sugat ay
mabigat. **13** Walang makipaglaban ng iyong usapin upang
ikaw ay mapagaling: ikaw ay walang mga panggamot na
nakagagaling. **14** Nilimot ka ng lahat na mangingibig sa iyo;
hindi ka nila hinahanap: sapagka't sinugatan kita ng sugat ng
kaaway, ng parusa ng mabagsik; dahil sa kalakhan ng iyong
kasamaan, sapagka't ang iyong mga kasalanan ay dumami.
**15** Bakit ka humihiyaw ng dahil sa iyong sakit? ang iyong
hirap ay walang kagamutan: dahil sa kalakhan ng iyong
kasamaan, sapagka't ang iyong mga kasalanan ay dumami,
aking ginawa ang mga bagay na ito sa iyo. **16** Kaya't silang
lahat na nagsisilamon sa iyo ay mangalalamon; at lahat
ng iyong kaaway, bawa't isa sa kanila'y magsisipasok sa
pagkabihag; at silang nagsisisamsam sa iyo ay magiging
samsam, at lahat ng nagsisihuli sa iyo ay aking ibibigay na
huli. **17** Sapagka't pagiginhawahin kita, at pagagalingin kita
sa iyong mga sugat, sabi ng Panginoon; kanilang tinawag ka

na tapon, na sinasabi, Ito ang Sion, na hindi hinahanap ng
sinoman. 18 Ganito ang sabi ng Panginoon: Narito, aking
ibabalik uli mula sa pagkabihag ang mga tolda ng Jacob, at
pakukundanganan ko ang kaniyang mga tahanang dako;
at ang bayan ay matatayo sa kaniyang sariling bunton, at
ang bahay-hari ay tatahanan ng ayon sa ayos niyaon. 19 At
mula sa kanila magmumula ang pagpapasalamat, at ang
tinig ng nangagsasaya: at aking pararamihin sila, at sila'y
hindi magiging kaunti; akin ding luluwalhatiin sila, at sila'y
hindi magiging maliit. 20 Ang kanilang mga anak naman
ay magiging gaya nang una, at ang kanilang kapisanan ay
matatatag sa harap ko, at aking parurusahan yaong lahat
na nagsisipighati sa kanila. 21 At ang kanilang prinsipe ay
magiging isa sa kanila, at ang kanilang puno ay magmumula
sa gitna nila: at aking palalapitin siya, at siya'y lalapit sa akin:
sapagka't sino yaong nangahas upang lumapit sa akin? sabi
ng Panginoon. 22 At kayo'y magiging aking bayan, at ako'y
magiging inyong Dios. 23 Narito, ang unos ng Panginoon,
ang kaniyang kapusukan, ay bumulalas na parang buhawi:
hahampas sa ulo ng masama. 24 Ang mabangis na galit ng
Panginoon ay hindi mapaparam hanggang sa maisagawa, at
hanggang sa kaniyang maisagawa ang haka ng kaniyang
puso; sa mga huling araw ay iyong mauunawa.

**31** Sa panahong yaon, sabi ng Panginoon, magiging Dios
ako ng lahat na angkan ni Israel, at sila'y magiging
aking bayan. 2 Ganito ang sabi ng Panginoon, Ang bayan
na naiwan ng tabak ay nakasumpong ng biyaya sa ilang; oo,
ang Israel, nang aking papagpahingahin. 3 Ang Panginoon
ay napakita nang una sa akin, na nagsasabi, Oo, inibig
kita ng walang hanggang pagibig: kaya't ako'y lumapit sa
iyo na may kagandahang-loob. 4 Muling itatayo kita, at
ikaw ay matatayo, Oh dalaga ng Israel: muli na ikaw ay
magagayakan ng iyong mga pandereta, at lalabas ka sa
mga sayawan nila na nasasayahan. 5 Muli kang magtatanim
ng mga ubasan sa mga bundok ng Samaria: ang mga
mananamin ay mangagtatanim, at mangagagalak sa bunga
niyaon. 6 Sapagka't magkakaroon ng araw, na ang mga
bantay sa mga burol ng Ephraim ay magsisihiyaw. Kayo'y
magsibangon, at tayo'y magsisampa sa Sion na pumaroon
sa Panginoon nating Dios. 7 Sapagka't ganito ang sabi
ng Panginoon, Kayo'y magsiawit ng kasayahan dahil sa
Jacob, at magsihiyaw kayo dahil sa puno ng mga bansa:
mangagtanyag kayo, magsipuri kayo, at mangagsabi, Oh
Panginoon, iligtas mo ang iyong bayan, ang nalabi sa Israel.
8 Narito, aking dadalhin sila mula sa lupaing hilagaan, at
pipisanin ko sila mula sa mga kahulihulihang bahagi ng lupa,
at kasama nila ang bulag at ang pilay, at ang buntis at ang
nagdadamdam na magkakasama: malaking pulutong na
magsisibalik sila rito. 9 Sila'y magsisiparitong may iyakan,
at may mga pamanhik na aking papatnubayan sila; akin
silang palalakarin sa tabi ng mga ilog ng tubig, sa matuwid
na daan na hindi nila katitisuran; sapagka't ako'y pinakaama
sa Israel, at ang Ephraim ang aking panganay. 10 Inyong
dinggin ang salita ng Panginoon, Oh ninyong mga bansa, at
inyong ipahayag sa mga pulo sa malayo; at inyong sabihin,
Ang nagpangalat sa Israel, siyang magpipisan sa kaniya,
at magiingat sa kaniya, gaya ng ginagawa ng pastor sa
kaniyang kawan. 11 Sapagka't tinubos ng Panginoon ang
Jacob, at tinubos niya siya sa kamay ng lalong malakas
kay sa kaniya. 12 At sila'y magsisiparito at magsisiawit sa
kaitaasan ng Sion, at magsisihugos na magkakasama sa
kabutihan ng Panginoon, sa trigo, at sa alak, at sa langis, at
sa guya ng kawan at ng bakahan: at ang kanilang kaluluwa
ay magiging parang dinilig na halamanan; at hindi na sila
mangamamanglaw pa sa anoman. 13 Kung magkagayo'y
magagalak ang dalaga sa sayawan, at ang mga binata, at
ang matanda na magkakasama: sapagka't aking gagawing
kagalakan ang kanilang pagluluksa, at aking aaliwin sila at
aking pagagalakin sila sa kanilang kapanglawan. 14 At aking
sisiyahin ang loob ng mga saserdote sa kaginhawahan, at
ang aking bayan ay masisiyahan sa aking kabutihan, sabi
ng Panginoon. 15 Ganito ang sabi ng Panginoon, Isang
tinig ay narinig sa Rama, panaghoy, at kalagimlagim na
iyak, iniiyakan ni Raquel ang kaniyang mga anak; siya'y
tumatangging maaliw dahil sa kaniyang mga anak, sapagka't
sila'y wala na. 16 Ganito ang sabi ng Panginoon, Iyong
pigilin ang iyong tinig sa pagiyak, at ang iyong mga mata sa
mga luha: sapagka't gagantihin ang iyong mga gawa, sabi
ng Panginoon; at sila'y magsisibalik na mula sa lupain ng
kaaway. 17 At may pagasa sa iyong huling wakas, sabi ng
Panginoon; at ang iyong mga anak ay magsisiparoon uli sa
kanilang sariling hangganan. 18 Tunay na aking narinig ang
Ephraim na nananaghoy sa kaniyang sarili ng ganito, Inyong
pinarusahan ako, at ako'y naparusahan na parang guya na
hindi hirati sa pamatok: papanumbalikin mo ako, at ako'y
manunumbalik sa iyo; sapagka't ikaw ang Panginoon kong
Dios. 19 Tunay na pagkapanumbalik ko sa iyo ay nagsisi
ako; at pagkatapos na ako'y maturuan ay nagsugat ako ng
hita: ako'y napahiya, oo, lito, sapagka't aking dinala ang
kakutyaan ng aking kabataan. 20 Ang Ephraim baga'y aking
minamahal na anak? siya baga'y iniibig na anak? sapagka't
kung gaano kadalas nagsasalita ako laban sa kaniya, ay
gayon ko inaalaala siya ng di kawasa: kaya't nananabik
ang aking puso sa kaniya; ako'y tunay na maaawa sa
kaniya, sabi ng Panginoon. 21 Maglagay ka ng mga patotoo,
gumawa ka ng mga haliging tanda: ilagak mo ang iyong
puso sa dakong lansangan, sa daan na iyong pinaroonan:
ikaw ay magbalik uli, Oh dalaga ng Israel, ikaw ay bumalik

uli rito sa mga bayang ito. 22 Hanggang kailan magpaparoo't
parito ka, Oh ikaw na tumatalikod na anak na babae?
sapagka't ang Panginoon ay lumikha ng bagong bagay sa
lupa, Ang babae ay siyang mananaig sa lalake. 23 Ganito
ang sabi ng Panginoon ng mga hukbo, ng Dios ng Israel,
Kanilang gagamitin uli ang pananalitang ito sa lupain ng
Juda at sa mga bayan niyaon, pagka aking dadalhin uli mula
sa kanilang pagkabihag: Pagpalain ka ng Panginoon. Oh
tahanan ng kaganapan, Oh bundok ng kabanalan. 24 At
ang Juda at ang lahat na bayan niya ay tatahan doon na
magkakasama; ang mga mangbubukid at ang mga lumilibot
na may mga kawan. 25 Sapagka't aking bibigyang kasiyahan
ang pagod na tao, at lahat na mapanglaw na tao ay aking
pinasasaya. 26 Dito'y nagising ako, at ako'y lumingap; at
ang aking pagkakatulog ay masarap. 27 Narito, ang mga
araw ay dumarating, sabi ng Panginoon, na aking hahasikan
ang sangbahayan ni Israel at ang sangbahayan ni Juda ng
binhi ng tao at ng binhi ng hayop. 28 At mangyayari, na
kung paanong binantayan ko sila upang alisin, at upang
ibuwal, at upang madaig at upang ipahamak, at upang
pagdalamhatiin, gayon babantayan ko sila upang itayo at
upang itatag sabi ng Panginoon. 29 Sa mga araw na yaon
ay hindi na sila mangagsasabi. Ang mga magulang ay
nagsikain ng mga maasim na ubas, at ang mga ngipin
ng mga bata ay nagsisipangilo. 30 Nguni't bawa't isa ay
mamamatay ng dahil sa kaniyang sariling kasamaan: lahat
na nagsisikain ng mga maasim na ubas ay magsisipangilo
ang mga ngipin. 31 Narito, ang mga araw ay dumarating,
sabi ng Panginoon, na ako'y makikipagtipan ng panibago
sa sangbahayan ni Israel, at sa sangbahayan ni Juda: 32
Hindi ayon sa tipan na ipinakipagtipan ko sa kanilang mga
magulang sa araw na aking kinuha sila sa pamamagitan ng
kamay upang ilabas sila sa lupain ng Egipto; na ang aking
tipan ay kanilang sinira, bagaman ako'y asawa nila, sabi ng
Panginoon. 33 Kundi ito ang tipan na aking ipakikipagtipan
sa sangbahayan ni Israel pagkatapos ng mga araw na
yaon, sabi ng Panginoon, Aking itatala ang aking kautusan
sa kanilang kalooban, at aking isusulat sa kanilang puso;
at ako'y magiging kanilang Dios, at sila'y magiging aking
bayan; 34 At hindi na magtuturo bawa't isa sa kanila
sa kaniyang kapuwa, at bawa't tao sa kaniyang kapatid,
na magsasabi, Iyong kilalanin ang Panginoon; sapagka't
makikilala nilang lahat ako, mula sa kaliitliitan sa kanila
hanggang sa kadakidakilaan sa kanila, sabi ng Panginoon:
sapagka't aking ipatatawad ang kanilang kasamaan, at ang
kanilang kasalanan ay hindi ko na aalalahanin. 35 Ganito ang
sabi ng Panginoon, na nagbibigay ng araw na sumisikat na
pinakaliwanag sa araw, at ng mga ayos ng buwan at ng mga
bituin na pinakaliwanag sa gabi, na nagpapakilos sa dagat,
na humugong ang mga alon niyaon; ang Panginoon ng mga
hukbo ay siyang kaniyang pangalan: 36 Kung ang mga ayos
na ito ay humiwalay sa harap ko, sabi ng Panginoon, ang
binhi nga ng Israel ay maglilikat sa pagkabansa sa harap ko
magpakailan man. 37 Ganito ang sabi ng Panginoon, Kung
ang langit sa itaas ay masusukat, at ang mga patibayan
ng lupa ay masisiyasat sa ilalim, akin ngang ihahagis ang
buong lahi ng Israel dahil sa lahat nilang nagawa, sabi ng
Panginoon. 38 Narito, ang mga araw ay dumarating, sabi
ng Panginoon, na ang bayan ay matatayo sa Panginoon
mula sa moog ni Hananeel hanggang sa pintuang-bayan
sa sulok. 39 At ang panukat na pisi ay magpapatuloy na
matuwid sa burol ng Gareb, at pipihit hanggang sa Goa.
40 At ang buong libis ng mga katawang patay, at ng mga
abo, at ang lahat na parang hanggang sa batis ng Cedron,
hanggang sa sulok ng pintuang-bayan ng kabayo sa dakong
silanganan, magiging banal sa Panginoon; hindi mabubunot
o mahahagis ang sinoman magpakailan pa man.

**32** Ang salita na dumating kay Jeremias na mula sa
Panginoon nang ikasangpung taon ni Sedechias na hari
sa Juda na siyang ikalabing walong taon ni Nabucodonosor.
2 Nang panahon ngang yao'y ang hukbo ng hari sa Babilonia
ay kumubkob sa Jerusalem, at si Jeremias na propeta ay
nakulong sa looban ng bantayan, na nasa bahay ng hari sa
Juda. 3 Sapagka't kinulong siya ni Sedechias na hari sa
Juda, na sinasabi, Bakit ka nanghuhula, at nagsasabi, Ganito
ang sabi ng Panginoon, Narito, ibibigay ko ang bayang ito
sa kamay ng hari sa Babilonia, at kaniyang sasakupin: 4
At si Sedechias na hari sa Juda ay hindi makatatanan sa
kamay ng mga Caldeo, kundi tunay na mabibigay sa kamay
ng hari sa Babilonia, at makikipagusap sa kaniya ng bibig,
at ang kaniyang mga mata ay titingin sa kaniyang mga
mata; 5 At kaniyang dadalhin si Sedechias sa Babilonia,
at siya'y doroon hanggang sa dalawin ko siya, sabi ng
Panginoon: bagaman kayo'y magsilaban sa mga Caldeo,
hindi kayo magsisiginhawa? 6 At sinabi ni Jeremias, Ang
salita ng Panginoon, ay dumating sa akin, na nagsasabi: 7
Narito, si Hanamel na anak ni Sallum na iyong amain ay
paroroon sa iyo, na magsasabi, Bilhin mo ang parang ko na
nasa Anathoth: sapagka't ang matuwid ng pagtubos ay ukol
sa iyo upang bilhin. 8 Sa gayo'y si Hanamel na anak ng
aking amain ay naparoon sa akin sa looban ng bantayan
ayon sa salita ng Panginoon, at sinabi sa akin, Bilhin mo
ang aking parang, isinasamo ko sa iyo, na nasa Anathoth,
na nasa lupain ng Benjamin; sapagka't ang matuwid ng
pagmamana ay ukol sa iyo, at ang pagtubos ay ukol sa iyo;
bilhin mo para sa iyong sarili. Nang magkagayo'y nakilala ko
na ito'y salita ng Panginoon. 9 At binili ko ang parang na
nasa Anathoth kay Hanamel na anak ng aking amain, at

tinimbang ko sa kaniya ang salapi, na labing pitong siklong
pilak. **10** At ako'y naglagda ng pangalan sa katibayan, at
aking tinatakan, at tumawag ako ng mga saksi, at tinimbang
ko sa kaniya ang salapi sa timbangan. **11** Sa gayo'y kinuha
ko ang katibayan ng pagkabili, ang natatatakan, yaong ayon
sa kautusan at kaugalian, at ang bukas: **12** At ibinigay ko
ang katibayan ng pagkabili kay Baruch na anak ni Nerias, na
anak ni Maasias, sa harapan ni Hanamel na anak ng aking
amain, at sa harap ng mga saksi na naglagda ng pangalan
sa katibayan ng pagkabili, sa harap ng lahat na Judio na
nakaupo sa looban ng bantayan. **13** At ibinilin ko kay Baruch
sa harap nila, na aking sinasabi, **14** Ganito ang sabi ng
Panginoon ng mga hukbo, ng Dios ng Israel, Iyong kunin
ang mga katibayang ito, ang katibayang ito ng pagkabili,
ang natatatakan, at gayon din itong katibayang bukas, at
iyong isilid sa sisidlang lupa; upang tumagal ng maraming
araw. **15** Sapagka't ganito ang sabi ng Panginoon ng mga
hukbo, ng Dios ng Israel, Mga bahay, at mga parang, at mga
ubasan ay mangabibili pa uli sa lupaing ito. **16** Pagkatapos
nga na aking maibigay ang katibayan ng pagkabili kay
Baruch na anak ni Nerias, dumalangin ako sa Panginoon, na
aking sinabi, **17** Ah Panginoong Dios! narito, iyong ginawa
ang langit at ang lupa sa pamamagitan ng iyong malaking
kapangyarihan, at sa pamamagitan ng iyong unat na kamay;
walang bagay na totoong napakahirap sa iyo: **18** Na ikaw ay
nagpapakita ng kagandahang-loob sa mga libolibo, at iyong
ginaganti ang kasamaan ng mga magulang sa sinapupunan
ng kanilang mga anak pagkamatay nila; ang dakila, na
makapangyarihang Dios, ang Panginoon ng mga hukbo ay
kaniyang pangalan. **19** Dakila sa payo at makapangyarihan
sa gawa; na ang mga mata ay dilat sa lahat ng mga lakad
ng mga anak ng tao, upang bigyan ang bawa't isa ng ayon
sa kaniyang mga lakad, at ayon sa bunga ng kaniyang mga
gawa, **20** Na naglagay ng mga tanda at mga kababalaghan
sa lupain ng Egipto, hanggang sa araw na ito, sa Israel at
gayon din sa gitna ng ibang mga tao; at magtaglay ka ng
pangalan, gaya sa araw na ito; **21** At iyong inilabas ang
iyong bayang Israel sa lupain ng Egipto sa pamamagitan
ng mga tanda at ng mga kababalaghan, at ng malakas na
kamay, at ng unat na kamay, at ng malaking kakilabutan, **22**
At ibinigay mo sa kanila ang lupaing ito na iyong isinumpa
sa kanilang mga magulang na ibibigay sa kanila, lupain
na binubukalan ng gatas at pulot, **23** At sila'y pumasok, at
kanilang inari; nguni't hindi dininig ang itong tinig, o lumakad
man sa iyong kautusan; sila'y hindi nagsigawa ng anoman
sa lahat na iyong iniutos sa kanila na gawin: kaya't iyong
pinapangyari ang buong kasamaang ito sa kanila. **24** Narito,
ang mga bunton, nagsisidating sa bayan upang sakupin; at
ang bayan ay nabigay sa kamay ng mga taga Caldea na
nagsisilaban doon, dahil sa tabak, at sa kagutom, at sa salot:
at kung ano ang iyong sinalita ay nangyayari; at, narito,
iyong nakikita. **25** At iyong sinabi sa akin, Oh Panginoong
Dios, iyong bilhin ng salapi ang parang, at ikaw ay tumawag
ng mga saksi; yamang ang bayan ay ibinibigay sa kamay ng
mga Caldeo. **26** Nang magkagayo'y dumating ang salita ng
Panginoon kay Jeremias, na nagsasabi, **27** Narito, ako ang
Panginoon, ang Dios ng lahat na tao; may anomang bagay
baga na totoong mahirap sa akin? **28** Kaya't ganito ang
sabi ng Panginoon, Narito, aking ibibigay ang bayang ito sa
kamay ng mga Caldeo, at sa kamay ni Nabucodonosor na
hari sa Babilonia, at kaniyang sasakupin, **29** At ang mga
Caldeo, na nagsisilaban sa bayang ito, magsisiparito at
susulsulan ang bayang ito, at susunugin, sangpu ng mga
bahay na ang mga bubungan ay kanilang pinaghandugan
ng kamangyan kay Baal, at pinagbuhusan ng mga inuming
handog sa mga ibang dios, upang mungkahiin ako sa galit.
**30** Sapagka't ang ginawa lamang ng mga anak ni Israel, at
ng mga anak ni Juda ay ang masama sa aking paningin
mula sa kanilang kabataan, sapagka't minungkahi lamang
ako ng mga anak ni Israel sa galit ng gawa ng kanilang mga
kamay, sabi ng Panginoon. **31** Sapagka't ang bayang ito ay
naging kamungkahian sa aking galit at sa aking pagaalab ng
loob mula sa araw na kanilang itinayo hanggang sa araw
na ito; upang aking mailayo sa aking mukha. **32** Dahil sa
lahat ng kasamaan ng mga anak ni Israel at ng mga anak ni
Juda, na kanilang ginawa upang mungkahiin ako sa galit,
sila, ng kanilang mga hari, ng kanilang mga prinsipe, ng
kanilang mga saserdote, at ng kanilang mga propeta, at ng
mga tao ng Juda, at ng mga nananahan sa Jerusalem. **33** At
kanilang tinalikdan ako, at hindi ako hinarap: bagaman aking
tinuruan sila, na bumabangon ako ng maaga at tinuturuan
ko sila, gayon ma'y hindi sila nangakinig na magsitanggap
ng turo. **34** Kundi kanilang inilagay ang kanilang mga
kasuklamsuklam sa bahay na tinawag sa aking pangalan,
upang lapastanganin. **35** At kanilang itinayo ang mga mataas
na dako ni Baal, na nasa libis ng anak ni Hinnom, upang
paraanin sa apoy ang kanilang mga anak na lalake at babae
kay Moloch; na hindi ko iniutos sa kanila o nasok man sa
aking pagiisip, na kanilang gawin ang kasuklamsuklam na
ito; na pinapagkasala ang Juda. **36** At ngayon ganito ang
sabi ng Panginoon, ng Dios ng Israel, tungkol sa bayang ito,
na inyong sinasabi, Nabigay sa kamay ng hari sa Babilonia
sa pamamagitan ng tabak, at ng kagutom, at ng salot: **37**
Narito, aking pipisanin sila mula sa lahat ng lupain, na aking
pinagtabuyan sa kanila sa aking galit, at sa aking kapusukan
at sa malaking poot, at dadalhin ko sila uli sa dakong ito, at
akin silang patatahaning tiwasay. **38** At sila'y magiging aking
bayan, at ako'y magiging kanilang Dios: **39** At bibigyan ko

sila ng isang puso at ng isang daan, upang sila'y matakot sa
akin magpakailan man; sa ikabubuti nila, at ng kanilang mga
anak pagkamatay nila: **40** At ako'y makikipagtipan ng walang
hanggan sa kanila, na hindi ako hihiwalay sa kanila, upang
gawan ko sila ng mabuti: at sisidlan ko sa puso ng takot
sa akin, upang huwag silang magsihiwalay sa akin. **41** Oo,
ako'y magagalak sa kanila upang gawan ko sila ng mabuti,
at aking tunay na itatatag sila sa lupaing ito ng aking buong
puso at ng aking buong kaluluwa. **42** Sapagka't ganito ang
sabi ng Panginoon, Kung paanong aking dinala ang lahat na
malaking kasamaang ito sa bayang ito, gayon dadalhin ko sa
kanila ang lahat na mabuti na aking ipinangako sa kanila. **43**
At mga parang ay mabibili sa lupaing ito, na iyong sinasabi,
Sira, na walang tao o hayop man; nabigay sa kamay ng
mga Caldeo. **44** Bibilhin nga ng mga tao ng salapi ang mga
parang at mangaglalagda ng pangalan sa mga katibayan, at
mga tatatakan, at magsisitawag ng mga saksi, sa lupain ng
Benjamin, at sa mga dako na palibot ng Jerusalem, at sa
mga bayan ng Juda, at sa mga bayan ng lupaing maburol,
at sa mga bayan ng mababang lupain, at sa mga bayan
ng Timugan: sapagka't aking ibabalik sila mula sa kanilang
pagkabihag, sabi ng Panginoon.

**33** Bukod dito'y dumating na ikalawa ang salita ng
Panginoon kay Jeremias, samantalang nakukulong pa
siya sa looban ng bantayan, na nagsasabi, **2** Ganito ang
sabi ng Panginoon na gumagawa niyaon, ng Panginoon
na umaanyo niyaon upang itatag; Panginoon ay siyang
kaniyang pangalan: **3** Tumawag ka sa akin, at ako'y sasagot
sa iyo, at ako'y magpapakita sa iyo ng mga dakilang bagay,
at mahihirap na hindi mo nangalalaman. **4** Sapagka't ganito
ang sabi ng Panginoon, ng Dios ng Israel, tungkol sa mga
bahay ng bayang ito, at tungkol sa mga bahay ng mga hari
sa Juda na nangabagsak upang gawing sanggalangan laban
sa mga bunton at laban sa tabak; **5** Sila'y nagsisidating
upang magsilaban sa mga Caldeo, nguni't upang sila'y
mangapuno ng mga bangkay ng mga tao, na aking pinatay
sa aking galit at sa aking kapusukan, at dahil sa lahat
ng kasamaang yaon ay ikinubli ko ang aking mukha sa
bayang ito: **6** Narito, ako'y magdadala ng kagalingan at
kagamutan, aking gagamutin sila; at ako'y maghahayag
sa kanila ng di kawasang kapayapaan at katotohanan.
**7** At aking pababalikin ang nangabihag sa Juda, at ang
nangabihag sa Israel, at aking itatayo sila na gaya nang
una. **8** At aking lilinisin sila sa lahat nilang kasamaan, na
kanilang pinagkasalahan laban sa akin; at aking ipatatawad
ang lahat nilang kasamaan na kanilang ipinagkasala laban
sa akin, at kanilang ikinasalangsang laban sa akin. **9** At ang
bayang ito ay magiging pinakapangalan ng kagalakan sa
akin, pinaka kapurihan at pinaka kaluwalhatian, sa harap ng
lahat na bansa sa lupa na makakarinig ng lahat na mabuti
na gagawin ko sa kanila, at mangatatakot at magsisipanginig
dahil sa lahat na buti at dahil sa lahat na kapayapaan
na aking pinagsikapan sa kaniya. **10** Ganito ang sabi ng
Panginoon, Maririnig pa uli sa dakong ito, na inyong sinasabi,
Sira, na walang tao at walang hayop, sa mga bayan ng
Juda, at sa mga lansangan ng Jerusalem, na sira, na
walang tao at walang mananahan, at walang hayop. **11**
Ang tinig ng kagalakan at ang tinig ng kasayahan, ang tinig
ng kasintahang lalake at ang tinig ng kasintahang babae,
ang tinig nilang nangagsasabi, Kayo'y mangagpasalamat
sa Panginoon ng mga hukbo, sapagka't ang Panginoon
ay mabuti, sapagka't ang kaniyang kagandahang-loob ay
magpakailan pa man; at ng nangagdadala ng hain ng
pagpapasalamat sa bahay ng Panginoon. Sapagka't aking
ibabalik ang nangabihag sa lupain gaya ng una, sabi ng
Panginoon. **12** Ganito ang sabi ng Panginoon ng mga hukbo,
Magkakaroon pa uli sa dakong ito, na sira, na walang tao
at walang hayop, at sa lahat ng bayan nito, ng tahanan
ng mga pastor na nagpapahiga ng kanilang kawan. **13**
Sa mga bayan ng maburol na lupain, sa mga bayan ng
mababang lupain, at sa mga bayan ng Timugan, at sa lupain
ng Benjamin, at sa mga dako na palibot ng Jerusalem, at sa
mga bayan ng Juda, magdaraan uli ang mga kawan sa mga
kamay ng bibilang sa kanila, sabi ng Panginoon. **14** Narito,
ang mga araw ay dumarating, sabi ng Panginoon, na aking
isasagawa ang mabuting salita na aking sinalita tungkol
sa sangbahayan ni Israel, at tungkol sa sangbahayan ni
Juda. **15** Sa mga araw na yaon, at sa panahong yaon, aking
pasusuplingin kay David ang isang Sanga ng katuwiran; at
siya'y magsasagawa ng kahatulan at katuwiran sa lupain.
**16** Sa mga araw na yaon ay maliligtas ang Juda, at ang
Jerusalem ay tatahang tiwasay; at ito ang pangalan na
itatawag sa kaniya: Ang Panginoon ay ating katuwiran. **17**
Sapagka't ganito ang sabi ng Panginoon, Si David ay hindi
kukulangin kailan man ng lalake na mauupo sa luklukan ng
bahay ng Israel; **18** Ni hindi kukulangin ang mga saserdote
na mga Levita ng lalake sa harap ko na maghahandog ng
mga handog na susunugin, at upang magsunog ng mga alay,
at upang maghaing palagi. **19** At ang salita ng Panginoon ay
dumating kay Jeremias, na nagsasabi, **20** Ganito ang sabi ng
Panginoon, Kung inyong masisira ang aking tipan sa araw,
at ang aking tipan sa gabi, na anopa't hindi magkakaroon
ng araw at ng gabi sa kanilang kapanahunan; **21** Ang akin
ngang tipan ay masisira kay David na aking lingkod, na siya'y
hindi magkakaroon ng anak upang maghari sa kaniyang
luklukan; at sa mga Levita na mga saserdote na aking mga
tagapangasiwa. **22** Kung paanong ang lahat na natatanaw
sa langit ay hindi mabibilang, o matatakal man ang buhangin

sa dagat; gayon ko pararamihin ang binhi ni David na aking
lingkod, at ang mga Levita na nagsisipangasiwa sa akin.
23 At ang salita ng Panginoon ay dumating kay Jeremias,
na nagsasabi, 24 Hindi mo baga napupuna ang sinasalita
ng bayang ito, na nagsasabi, Ang dalawang angkan na
pinili ng Panginoon, ay kaniyang mga itinakuwil? ganito
nila hinahamak ang aking bayan, upang huwag ng maging
bansa sa harap nila. 25 Ganito ang sabi ng Panginoon,
Kung ang aking tipan sa araw at sa gabi ay hindi manayo,
kung hindi ko itinatag ang mga ayos ng langit at ng lupa; 26
Akin ngang itatakuwil din ang binhi ni Jacob, at ni David na
aking lingkod, na anopa't hindi ako kukuha ng kanilang binhi
na maging mga puno sa binhi ni Abraham, ni Isaac, at ni
Jacob: sapagka't aking ibabalik sila na mula sa kanilang
pagkabihag, at maaawa ako sa kanila.

34 Ang salita na dumating kay Jeremias na mula sa
Panginoon, nang si Nabucodonosor na hari sa
Babilonia, at ang buo niyang hukbo, at ang lahat na kaharian
sa lupa na nangasa ilalim ng kaniyang kapangyarihan, at
ang lahat na bayan, ay nakipagbaka laban sa Jerusalem,
at laban sa lahat ng mga bayan niyaon, na nagsasabi, 2
Ganito ang sabi ng Panginoon, ng Dios ng Israel, Ikaw ay
yumaon, at magsalita kay Sedechias na hari sa Juda, at
iyong saysayin sa kaniya, Ganito ang sabi ng Panginoon,
Narito, aking ibibigay ang bayang ito sa kamay ng hari sa
Babilonia, at kaniyang susunugin ng apoy: 3 At ikaw ay hindi
makatatanan sa kaniyang kamay, kundi tunay na mahuhuli
ka, at mabibigay sa kaniyang kamay; at ang iyong mga
mata ay titingin sa mga mata ng hari sa Babilonia, at siya'y
makikipagsalitaan sa iyo ng bibig at ikaw ay mapaparoon
sa Babilonia. 4 Gayon ma'y iyong pakinggan ang salita ng
Panginoon, Oh Sedechias na hari sa Juda: ganito ang sabi
ng Panginoon tungkol sa iyo, Ikaw ay hindi mamamatay
sa pamamagitan ng tabak; 5 Ikaw ay mamamatay sa
kapayapaan; at ayon sa pagsusunog ng kamangyan ng iyong
mga magulang na mga unang hari na una sa iyo, gayon
sila magsusunog para sa iyo; at kanilang tataghuyan ka,
na magsasabi, Ah Panginoon! sapagka't aking sinalita ang
salita, sabi ng Panginoon. 6 Nang magkagayo'y sinalita ni
Jeremias na propeta ang lahat ng salitang ito kay Sedechias
na hari sa Juda sa Jerusalem, 7 Nang lumaban ang hukbo
ng hari sa Babilonia laban sa Jerusalem, at laban sa lahat
na bayan ng Juda na nalabi, laban sa Lechis at laban
sa Azeca; sapagka't ang mga ito lamang ang nalalabi na
mga bayan ng Juda na mga bayang nakukutaan. 8 Ang
salita na dumating kay Jeremias na mula sa Panginoon,
pagkatapos na makipagtipan ang haring Sedechias, sa
buong bayan na nasa Jerusalem upang magtanyag ng
kalayaan sa kanila; 9 Na papaging layain ng bawa't isa ang
kaniyang aliping lalake, at ng bawa't isa ang kaniyang aliping
babae, na Hebreo o Hebrea; na walang paglilingkuran sila,
sa makatuwid baga'y ang Judio na kaniyang kapatid. 10 At
ang lahat na prinsipe at ang buong bayan ay nagsitalima,
na nasok sa tipan, na bawa't isa'y palalayain ang kaniyang
aliping lalake, at palalayain ng bawa't isa ang kaniyang
aliping babae, na wala nang paglilingkuran pa sila; sila'y
nagsitalima, at kanilang pinayaon sila: 11 Nguni't pagkatapos
ay nangagbalik sila, at pinapagbalik ang mga aliping lalake
at babae na kanilang pinapaging laya, at kanilang dinala sa
ilalim ng pagkaaliping lalake at babae. 12 Kaya't ang salita ng
Panginoon ay dumating kay Jeremias na mula sa Panginoon,
na nagsasabi: 13 Ganito ang sabi ng Panginoon, ng Dios
ng Israel, Ako'y nakipagtipan sa inyong mga magulang
sa araw na aking inilabas sila mula sa lupain ng Egipto,
mula sa bahay ng pagkaalipin, na aking sinasabi, 14 Sa
katapusan ng pitong taon ay payayaunin ng bawa't isa sa
inyo ang kaniyang kapatid na Hebreo, na naipagbili sa iyo,
at naglingkod sa iyo na anim na taon, at iyong palalayain sa
iyo: nguni't ang iyong mga magulang ay hindi nakinig sa
akin, o ikiniling man ang kanilang pakinig. 15 At ngayo'y
nanumbalik kayo, at nagsigawa ng matuwid sa aking mga
mata sa pagtatanyag ng kalayaan ng bawa't tao sa kaniyang
kapuwa; at kayo'y nakipagtipan sa harap ko sa bahay na
tinawag sa aking pangalan: 16 Nguni't kayo'y tumalikod at
inyong nilapastangan ang aking pangalan, at pinabalik ng
bawa't isa ang kaniyang aliping lalake, at ng bawa't isa
ang kaniyang aliping babae na inyong pinapaging laya sa
kanilang ikaliligaya; at inyong dinala sila sa pagkaalipin
upang maging sa inyo'y mga aliping lalake at babae. 17
Kaya't ganito ang sabi ng Panginoon, Kayo'y hindi nangakinig
sa akin, na magtanyag ng kalayaan bawa't isa sa kaniyang
kapatid, at bawa't isa sa kaniyang kapuwa: narito, ako'y
nagtatanyag sa inyo ng kalayaan, sabi ng Panginoon, sa
tabak, sa salot, o sa kagutom; at akin kayong ihahagis na
paroo't parito sa lahat ng kaharian sa lupa. 18 At aking
ibibigay ang mga tao na nagsisalangsang ng aking tipan, na
hindi nagsitupad ng mga salita ng tipan na kanilang ginawa
sa harap ko, nang kanilang hatiin ang guya at mangagdaan
sa pagitan ng mga bahagi niyaon; 19 Ang mga prinsipe sa
Juda, at ang mga prinsipe sa Jerusalem, ang mga bating,
at ang mga saserdote, at ang buong bayan ng lupain, na
nagsidaan sa pagitan ng mga bahagi ng guya; 20 Akin
ngang ibibigay sila sa kamay ng kanilang mga kaaway, at sa
kamay ng nagsisiusig ng kanilang buhay, at ang kanilang
mga bangkay ay magiging pinakapagkain sa mga ibon sa
himpapawid, at sa mga hayop sa lupa. 21 At si Sedechias
na hari sa Juda at ang kaniyang mga prinsipe ay ibibigay
ko sa kamay ng kanilang mga kaaway, at sa kamay ng

nagsisiusig ng kanilang buhay at sa kamay ng hukbo ng
hari sa Babilonia, na umahon mula sa inyo. 22 Narito, ako'y
maguutos, sabi ng Panginoon, at akin silang pababalikin
sa bayang ito; at sila'y magsisilaban dito, at sasakupin, at
kanilang susunugin ng apoy: at aking sisirain ang mga bayan
ng Juda, na mawawalan ng mananahan.

**35** Ang salita na dumating kay Jeremias na mula sa
Panginoon sa mga kaarawan ni Joacim na anak ni
Josias, na hari sa Juda, na nagsasabi, 2 Pumaroon ka sa
bahay ng mga Rechabita, at magsalita ka sa kanila, at iyong
dalhin sila sa bahay ng Panginoon, sa isa sa mga silid, at
bigyan mo sila ng alak na mainom. 3 Nang magkagayo'y
kinuha ko si Jazanias na anak ni Jeremias, na anak ni
Habassinias, at ang kaniyang mga kapatid, at ang lahat
niyang anak, at ang buong sangbahayan ng mga Rechabita;
4 At dinala ko sila sa bahay ng Panginoon, sa silid ng mga
anak ni Hanan na anak ni Igdalias, na lalake ng Dios, na
nasa siping ng silid ng mga prinsipe, na nasa itaas ng silid ni
Maasias na anak ni Sallum, na tagatanod ng pintuan. 5 At
aking inilagay sa harap ng mga anak ng sangbahayan ng
mga Rechabita ang mga mankok na puno ng alak, at ang
mga saro, at aking sinabi sa kanila, Magsisiinom kayo ng
alak. 6 Nguni't kanilang sinabi, Kami ay hindi magsisiinom
ng alak; sapagka't si Jonadab na anak ni Rechab na aming
magulang ay nagutos sa amin, na nagsasabi, Huwag kayong
magsisiinom ng alak, maging kayo, o ang inyong mga anak
man, magpakailan man: 7 Ni huwag kayong mangagtatayo
ng bahay, o mangaghahasik ng binhi, o mangagtatanim
sa ubasan, o mangagtatangkilik ng anoman; kundi ang
lahat ninyong mga kaarawan ay inyong itatahan sa mga
tolda; upang kayo ay mangabuhay na malaon sa lupain
na inyong pangingibahang bayan. 8 At aming tinalima ang
tinig ni Jonadab na anak ni Rechab na aming magulang sa
lahat na kaniyang ibinilin sa amin na huwag magsiinom ng
alak sa lahat ng mga araw namin, kami, ang aming mga
asawa, ang aming mga anak na lalake o babae man; 9
Ni huwag kaming mangagtayo ng mga bahay na aming
matahanan; ni huwag kaming mangagtangkilik ng ubasan,
o ng bukid, o ng binhi: 10 Kundi kami ay nagsitahan sa
mga tolda, at kami ay nagsitalima, at nagsigawa ng ayon sa
lahat na iniutos sa amin ni Jonadab na aming magulang.
11 Nguni't nangyari, nang si Nabucodonosor na hari sa
Babilonia ay umahon sa lupain, na aming sinabi, Tayo
na, at tayo'y magsiparoon sa Jerusalem dahil sa takot sa
hukbo ng mga Caldeo, at dahil sa takot sa hukbo ng mga
taga Siria; sa ganito'y nagsisitahan kami sa Jerusalem. 12
Nang magkagayo'y dumating ang salita ng Panginoon kay
Jeremias, na nagsasabi, 13 Ganito ang sabi ng Panginoon
ng mga hukbo, ng Dios ng Israel, Yumaon ka, at sabihin mo
sa mga tao ng Juda at sa mga nananahan sa Jerusalem,
Hindi baga kayo magsisitanggap ng turo upang dinggin ang
aking mga salita? sabi ng Panginoon. 14 Ang mga salita ni
Jonadab na anak ni Rechab, na kaniyang iniutos sa kaniyang
mga anak, na huwag magsiinom ng alak, ay nangatupad; at
hanggang sa araw na ito ay hindi sila nagsisiinom, sapagka't
kanilang tinalima ang tinig ng kanilang magulang. Nguni't
aking sinalita, sa inyo, na bumangon akong maaga, at aking
sinasalita, at hindi ninyo ako dininig. 15 Akin din namang
sinugo sa inyo ang lahat kong lingkod na mga propeta, na
bumabangon akong maaga, at akin silang sinusugo, na
aking sinasabi, Magsihiwalay kayo ngayon bawa't isa sa
kanikaniyang masamang lakad, at pabutihin ninyo ang inyong
mga gawain, at huwag kayong magsisunod sa mga ibang
dios na mangaglingkod sa kanila, at kayo'y magsisitahan sa
lupain na ibinigay ko sa inyo, at sa inyong mga magulang:
nguni't hindi ninyo ikiniling ang inyong pakinig, o dininig man
ninyo ako. 16 Yamang tinupad ng mga anak ni Jonadab na
anak ni Rechab ang utos ng kanilang magulang na iniutos
sa kanila, nguni't ang bayang ito ay hindi nakinig sa akin;
17 Kaya't ganito ang sabi ng Panginoon, ng Dios ng mga
hukbo, ng Dios ng Israel, Narito, aking dadalhin sa Juda at
sa lahat na nananahan sa Jerusalem ang buong kasamaan
na aking sinalita laban sa kanila; sapagka't ako'y nagsalita
sa kanila, nguni't hindi sila nangakinig; at ako'y tumawag sa
kanila, nguni't hindi sila nagsisagot. 18 At sinabi ni Jeremias
sa sangbahayan ng mga Rechabita, Ganito ang sabi ng
Panginoon ng mga hukbo, ng Dios ng Israel, Sapagka't
inyong tinalima ang utos ni Jonadab na inyong magulang, at
inyong iningatan ang lahat niyang palatuntunan, at inyong
ginawa ang ayon sa lahat na kaniyang iniutos sa inyo; 19
Kaya't ganito ang sabi ng Panginoon ng mga hukbo, ng Dios
ng Israel, Si Jonadab na anak ni Rechab ay hindi kukulangin
ng lalake na tatayo sa harap ko magpakailan man.

**36** At nangyari nang ikaapat na taon ni Joacim na
anak ni Josias, na hari sa Juda, na ang salitang
ito ay dumating kay Jeremias na mula sa Panginoon, na
nagsasabi, 2 Kumuha ka ng isang balumbon, at iyong
isulat doon ang lahat na salita na aking sinalita sa iyo
laban sa Israel, at laban sa Juda, at laban sa lahat ng mga
bansa, mula nang araw na magsalita ako sa iyo, mula nang
kaarawan ni Josias, hanggang sa araw na ito. 3 Marahil ay
maririnig ng sangbahayan ni Juda ang lahat na kasamaan
na aking pinanukalang gawin sa kanila; upang humiwalay
bawa't isa sa kanila sa kaniyang masamang lakad; upang
aking maipatawad ang kanilang kasamaan at ang kanilang
kasalanan. 4 Nang magkagayo'y tinawag ni Jeremias si
Baruch na anak ni Nerias; at sinulat ni Baruch ang lahat ng
salita ng Panginoon na mula sa bibig ni Jeremias, na sinalita

niya sa kaniya, sa balumbon. **5** At si Jeremias ay nagutos
kay Baruch, na nagsasabi, Ako'y nakukulong; hindi ako
makapasok sa bahay ng Panginoon: **6** Kaya't pumaroon ka,
at basahin mo sa balumbon, ang iyong isinulat na mula sa
aking bibig, ang mga salita ng Panginoon sa mga pakinig ng
bayan sa bahay ng Panginoon sa kaarawan ng pagaayuno;
at iyo ring babasahin sa mga pakinig ng buong Juda na
lumabas sa kanilang mga bayan. **7** Marahil ay maghaharap
sila ng kanilang daing sa harap ng Panginoon, at hihiwalay
bawa't isa sa kaniyang masamang lakad; sapagka't malaki
ang galit at ang kapusukan na sinalita ng Panginoon laban
sa bayang ito. **8** At ginawa ni Baruch na anak ni Nerias
ang ayon sa lahat na iniutos sa kaniya ni Jeremias na
propeta, na binasa sa aklat ang mga salita ng Panginoon sa
bahay ng Panginoon. **9** Nangyari nga nang ikalimang taon ni
Joacim na anak ni Josias, na hari sa Juda nang ikasiyam na
buwan, na ang buong bayan sa Jerusalem, at ang buong
bayan na nanggaling sa mga bayan ng Juda sa Jerusalem,
ay nagtanyag ng ayuno sa harap ng Panginoon. **10** Nang
magkagayo'y binasa ni Baruch sa balumbon ang mga salita
ni Jeremias sa bahay ng Panginoon, sa silid ni Gemarias na
anak ni Saphan na kalihim, sa mataas na looban sa pasukan
ng bagong pintuang-daan ng bahay ng Panginoon, sa mga
pakinig ng buong bayan. **11** At nang marinig ni Micheas na
anak ni Gemarias, na anak ni Saphan, ang lahat na salita ng
Panginoon mula sa aklat, **12** Siya'y bumaba sa bahay ng
hari, sa loob ng silid ng kalihim: at, narito, lahat ng prinsipe
ay nangakaupo roon, si Elisama na kalihim, at si Delaias na
anak ni Semeias, at si Elnathan na anak ni Achbor, at si
Gemarias na anak ni Saphan, at si Sedechias na anak ni
Ananias, at ang lahat na prinsipe. **13** Nang magkagayo'y
ipinahayag ni Micheas sa kaniya ang lahat na salita na
kaniyang narinig, nang basahin ni Baruch ang aklat sa mga
pakinig ng bayan. **14** Kaya't sinugo ng lahat na prinsipe si
Jehudi na anak ni Nethanias, na anak ni Selemias, na anak
ni Chusi, kay Baruch, na nagsasabi, Tangnan mo sa iyong
kamay ang balumbon na iyong binasa sa mga pakinig ng
bayan, at parito ka. Sa gayo'y tinangnan ni Baruch na anak
ni Nerias ang balumbon sa kaniyang kamay, at naparoon sa
kanila. **15** At sinabi nila sa kaniya, Ikaw ay umupo ngayon,
at basahin mo sa aming mga pakinig. Sa gayo'y binasa ni
Baruch sa kanilang pakinig. **16** Nangyari nga, nang kanilang
marinig ang lahat na salita, sila'y nagharapharapan sa takot,
at nagsabi kay Baruch, Tunay na aming sasalitain sa hari
ang lahat na salitang ito? **17** At kanilang tinanong si Baruch,
na sinasabi, Iyong saysayin ngayon sa amin, Paanong
isinulat mo ang lahat ng salitang ito sa kaniyang bibig? **18**
Nang magkagayo'y sumagot si Baruch sa kanila, Kaniyang
sinalita ang lahat na salitang ito sa akin ng kaniyang bibig,
at aking isinulat ng tinta sa aklat. **19** Nang magkagayo'y
sinabi ng mga prinsipe kay Baruch, Yumaon ka, magtago ka,
ikaw at si Jeremias, at huwag maalaman ng tao ang inyong
karoroonan. **20** At kanilang pinasok ang hari sa looban;
nguni't kanilang inilagay ang balumbon sa silid ni Elisama na
kalihim; at kanilang isinaysay ang lahat na salita sa mga
pakinig ng hari. **21** Sa gayo'y sinugo ng hari si Jehudi upang
kunin ang balumbon; at kaniyang kinuha sa silid ni Elisama
na kalihim. At binasa ni Jehudi sa mga pakinig ng hari, at sa
mga pakinig ng lahat na prinsipe na nangakatayo sa tabi ng
hari. **22** Ang hari nga ay nakaupo sa bahay na tagginaw sa
ikasiyam na buwan: at may apoy sa apuyan na nagniningas
sa harap niya. **23** At nangyari, ng mabasa ni Jehudi ang
tatlo o apat na dahon, na pinutol ng hari ng lanseta, at
inihagis sa apoy na nasa apuyan, hanggang sa masupok
ang buong balumbon sa apoy na nasa apuyan. **24** At sila'y
hindi nangatakot o hinapak man nila ang kanilang mga suot,
maging ang hari, o ang sinoman sa kaniyang mga lingkod
na nakarinig ng lahat ng salitang ito. **25** Bukod dito'y si
Elnathan, at si Delaias, at si Gemarias ay namanhik sa hari
na huwag niyang sunugin ang balumbon; nguni't hindi niya
dininig sila. **26** At nagutos ang hari kay Jerameel na anak
ng hari, at kay Seraias na anak ni Azriel, at kay Selemias
na anak ni Abdeel, upang hulihin si Baruch na kalihim at
si Jeremias na propeta: nguni't ikinubli ng Panginoon. **27**
Nang magkagayo'y dumating ang salita ng Panginoon kay
Jeremias pagkatapos na masunog ng hari ang balumbon,
at ang mga salita na sinulat ni Baruch na mula sa bibig
ni Jeremias, na nagsasabi: **28** Kumuha ka uli ng ibang
balumbon, at sulatan mo ng lahat na dating salita na nasa
unang balumbon na sinunog ni Joacim na hari sa Juda. **29**
At tungkol kay Joacim na hari sa Juda ay iyong sasabihin,
Ganito ang sabi ng Panginoon, Iyong sinunog ang balumbon
na ito, na iyong sinasabi, Bakit mo isinulat doon, na sinasabi,
Tunay na ang hari sa Babilonia ay paririto at sisirain ang
lupaing ito, at papaglilikatin dito ang tao at ang hayop? **30**
Kaya't ganito ang sabi ng Panginoon, tungkol kay Joacim
na hari sa Juda, Siya'y mawawalan ng uupo sa luklukan ni
David; at ang kaniyang bangkay sa araw ay mahahagis sa
init, at sa gabi ay sa hamog. **31** At aking parurusahan siya at
ang kaniyang binhi at ang kaniyang mga lingkod dahil sa
kanilang kasamaan; at aking dadalhin sa kanila, at sa mga
nananahan sa Jerusalem, at sa mga tao ng Juda, ang buong
kasamaan na aking sinalita laban sa kanila, nguni't hindi nila
dininig. **32** Nang magkagayo'y kumuha si Jeremias ng ibang
balumbon, at ibinigay kay Baruch na kalihim, na anak ni
Nerias, na sumulat doon ng mula sa bibig ni Jeremias ng
lahat ng mga salita ng aklat na sinunog sa apoy ni Joacim na

hari sa Juda; at nagdagdag pa sa mga yaon ng maraming
gayong salita.

**37** At si Sedechias na anak ni Josias ay naghari na gaya
ng hari, na humalili kay Conias na anak ni Joacim, na
ginawang hari sa lupain ng Juda ni Nabucodonosor na hari sa
Babilonia. **2** Nguni't maging siya, o ang kaniyang mga lingkod
man, o ang bayan man ng lupain, hindi nakinig sa mga
salita ng Panginoon na kaniyang sinalita sa pamamagitan
ng propeta Jeremias. **3** At sinugo ni Sedechias na hari si
Jucal na anak ni Selemias, at si Sephanias na anak ni
Maasias na saserdote, sa propeta Jeremias, na sinabi,
Idalangin mo kami ngayon sa Panginoon nating Dios. **4** Si
Jeremias nga ay naglalabas pumasok sa gitna ng bayan:
sapagka't hindi nila inilagay siya sa bilangguan. **5** At ang
hukbo ni Faraon ay lumabas sa Egipto: at nang mabalitaan
sila ng mga Caldeo na nagsisikubkob ng Jerusalem, ay
nagsialis sa Jerusalem. **6** Nang magkagayo'y dumating ang
salita ng Panginoon sa propeta Jeremias, na nagsasabi, **7**
Ganito ang sabi ng Panginoon, ng Dios ng Israel, Ganito
ang inyong sasabihin sa hari sa Juda, na nagsugo sa inyo
sa akin upang magsiyasat sa akin: Narito, ang hukbo ni
Faraon, na lumabas upang tulungan kayo, ay babalik sa
Egipto sa kanilang sariling lupain. **8** At ang mga Caldeo ay
magsisiparito uli, at magsisilaban sa bayang ito; at kanilang
sasakupin, at susunugin ng apoy. **9** Ganito ang sabi ng
Panginoon, Huwag ninyong dayain ang inyong sarili, na
magsabi, Tunay na magsisialis sa atin ang mga Caldeo:
sapagka't hindi magsisialis. **10** Sapagka't bagaman inyong
sasaktan ang buong hukbo ng mga Caldeo na lumalaban sa
inyo, at ang naiwan lamang doon ay mga lalaking sugatan
sa gitna nila, gayon ma'y babangon sila, ang bawa't isa sa
kaniyang tolda, at susunugin ng apoy ang bayang ito. **11**
At nangyari, na nang umurong sa Jerusalem ang hukbo
ng mga Caldeo dahil sa takot sa hukbo ni Faraon, **12**
Lumabas nga si Jeremias sa Jerusalem upang pumasok
sa lupain ng Benjamin, upang tumanggap ng kaniyang
bahagi roon, sa gitna ng bayan. **13** At nang siya'y nasa
pintuang-bayan ng Benjamin, isang kapitan ng bantay ay
nandoon na ang pangalan ay Irias, na anak ni Selemias,
na anak ni Hananias; at kaniyang dinakip si Jeremias, na
propeta, na sinasabi, Ikaw ay kumakampi sa mga Caldeo.
**14** Nang magkagayo'y sinabi ni Jeremias; Kasinungalingan,
hindi ako kumakampi sa mga Caldeo. Nguni't hindi niya
dininig siya: sa gayo'y dinakip ni Irias si Jeremias, at dinala
sa mga prinsipe. **15** At ang mga prinsipe ay napoot kay
Jeremias at sinaktan nila siya, at isinilid sa bilangguan sa
bahay ni Jonathan na kalihim: sapagka't kanilang ginawang
bilangguan yaon. **16** Nang si Jeremias ay makapasok sa
bilangguang nasa ilalim ng lupa, at sa loob ng mga silid, at
nang mabilanggo si Jeremias doon na maraming araw; **17**
Nagsugo nga si Sedechias na hari at ipinasundo siya: at
tinanong siyang lihim ng hari sa kaniyang bahay, at nagsabi,
May anoman bagang salitang mula sa Panginoon? At sinabi
ni Jeremias: Mayroon. Sinabi rin niya, Ikaw ay mabibigay
sa kamay ng hari sa Babilonia. **18** Bukod dito'y sinabi ni
Jeremias sa haring Sedechias, Sa ano ako nagkasala laban
sa iyo, o laban sa iyong mga lingkod, o laban sa bayang ito
upang ilagay ninyo ako sa bilangguan? **19** Saan nandoon
ngayon ang inyong mga propeta na nanganghula sa inyo, na
nangagsasabi, Ang hari sa Babilonia ay hindi paririto laban
sa inyo, o laban man sa lupaing ito? **20** At ngayo'y dinggin
mo, isinasamo ko sa iyo, Oh panginoon ko na hari: isinasamo
ko sa iyo na tanggapin ang aking pamanhik sa harap mo, na
huwag mo akong pabalikin sa bahay ni Jonathan na kalihim,
baka mamatay ako roon. **21** Nang magkagayo'y nagutos
si Sedechias na hari, at kanilang ibinilanggo si Jeremias
sa looban ng bantay; at kanilang binigyan siya araw-araw
ng isang putol na tinapay na mula sa lansangan ng mga
magtitinapay, hanggang sa maubos ang lahat na tinapay sa
bayan. Ganito nabilanggo si Jeremias sa looban ng bantay.

**38** At narinig ni Sephatias na anak ni Mathan, at ni
Gedalias na anak ni Pashur, at ni Jucal na anak ni
Selemias, at ni Pasur na anak ni Melchias, ang mga salita na
sinalita ni Jeremias sa buong bayan, na nagsasabi, **2** Ganito
ang sabi ng Panginoon, Ang tumatahan sa bayang ito ay
mamamatay sa pamamagitan ng tabak, sa pamamagitan ng
kagutom, at sa pamamagitan ng salot; nguni't ang lumalabas
sa mga Caldeo ay mabubuhay, at ang kaniyang buhay ay
magiging sa kaniya'y pinakasamsam, at siya'y mabubuhay.
**3** Ganito ang sabi ng Panginoon, Tunay na ang bayang ito
ay mabibigay sa kamay ng hukbo ng hari sa Babilonia, at
sasakupin niya. **4** Nang magkagayo'y sinabi ng mga prinsipe
sa hari, Isinasamo namin sa iyo na ipapatay ang lalaking ito;
yamang kaniyang pinahina ang mga kamay ng mga lalaking
mangdidigma na nalalabi sa bayang ito, at ang mga kamay
ng buong bayan, sa pagsasalita ng kaniyang mga salita
sa kanila: sapagka't hindi hinahanap ng lalaking ito ang
ikabubuti ng bayang ito, kundi ang ikapapahamak. **5** At sinabi
ni Sedechias na hari, Narito, siya'y nasa inyong kamay;
sapagka't hindi ang hari ang makagagawa ng anoman laban
sa inyo. **6** Nang magkagayo'y sinunggaban nila si Jeremias,
at inihagis siya sa hukay ni Malchias na anak ng hari, na
nasa looban ng bantay: at kanilang inihugos si Jeremias
sa pamamagitan ng mga lubid. At sa hukay ay walang
tubig, kundi burak; at lumubog si Jeremias sa burak. **7**
Nang marinig nga ni Ebed-melec na taga Etiopia, na bating
na nasa bahay ng hari, na kanilang isinilid si Jeremias sa
hukay; (na ang hari noo'y nakaupo sa pintuang-bayan ng

Benjamin), 8 Si Ebed-melec ay lumabas sa bahay ng hari,
at nagsalita sa hari, na nagsasabi, 9 Panginoon ko na hari,
ang mga lalaking ito ay nagsigawa ng kasamaan sa lahat
ng kanilang ginawa kay Jeremias na propeta, na kanilang
isinilid sa hukay; at siya'y mamamatay sa dakong kaniyang
kinaroonan dahil sa kagutom; sapagka't wala nang tinapay
sa bayan. 10 Nang magkagayo'y nagutos ang hari kay Ebed-
melec na taga Etiopia, na nagsasabi, Magsama ka mula rito
ng tatlong pung lalake, at isampa mo si Jeremias na propeta
mula sa hukay, bago siya mamatay. 11 Sa gayo'y nagsama
ng mga lalake si Ebed-melec, at pumasok sa bahay ng hari,
sa ilalim ng silid ng kayamanan, at kumuha mula roon ng
mga basahan, at mga lumang damit, at kanilang ibinaba sa
pamamagitan ng mga lubid sa hukay kay Jeremias. 12 At
sinabi ni Ebed-melec na taga Etiopia kay Jeremias, Ilagay
mo ngayon ang mga basahang ito at mga lumang damit
sa iyong mga kilikili sa ibabaw ng mga lubid. At ginawang
gayon ni Jeremias. 13 Sa gayo'y isinampa nila si Jeremias
ng mga lubid, at itinaas siya mula sa hukay: at si Jeremias
ay naiwan sa looban ng bantay. 14 Nang magkagayo'y
nagsugo si Sedechias na hari, at ipinagsama si Jeremias na
propeta sa ikatlong pasukan na nasa bahay ng Panginoon:
at sinabi ng hari kay Jeremias, Magtatanong ako sa iyo ng
isang bagay; huwag kang maglihim ng anoman sa akin. 15
Nang magkagayo'y sinabi ni Jeremias kay Sedechias, Kung
saysayin ko sa iyo, hindi mo baga tunay na ipapapatay ako?
at kung bigyan kita ng payo, hindi ka makikinig sa akin. 16
Sa gayo'y si Sedechias ay sumumpang lihim kay Jeremias,
na nagsasabi, Buhay ang Panginoon na lumalang ng ating
kaluluwa, hindi kita ipapapatay, o ibibigay man kita sa kamay
ng mga lalaking ito na nagsisiusig ng iyong buhay. 17 Nang
magkagayo'y sinabi ni Jeremias kay Sedechias, Ganito ang
sabi ng Panginoon, ng Dios ng mga hukbo, ng Dios ng
Israel, Kung iyong lalabasin ang mga prinsipe ng hari sa
Babilonia, mabubuhay ka nga, at ang bayang ito ay hindi
masusunog ng apoy; at ikaw ay mabubuhay, at ang iyong
sangbahayan: 18 Nguni't kung hindi mo lalabasin ang mga
prinsipe ng hari sa Babilonia, mabibigay nga ang bayang
ito sa kamay ng mga Caldeo, at kanilang susunugin ng
apoy, at ikaw ay hindi makatatanan sa kanilang kamay. 19 At
sinabi ni Sedechias na hari kay Jeremias, Ako'y natatakot sa
mga Judio na kumampi sa mga Caldeo, baka ako'y ibigay
nila sa kanilang kamay, at kanilang libakin ako. 20 Nguni't
sinabi ni Jeremias, Hindi ka ibibigay nila. Isinasamo ko sa
iyo, na talimahin mo ang tinig ng Panginoon, tungkol sa
aking sinalita sa iyo: sa gayo'y ikabubuti mo, at ikaw ay
mabubuhay. 21 Nguni't kung ikaw ay tumangging lumabas,
ito ang salita na ipinakilala sa akin ng Panginoon, 22 Narito,
lahat ng babae na naiwan sa bahay ng hari sa Juda ay
malalabas sa mga prinsipe ng hari sa Babilonia, at ang mga
babaing yaon ay mangagsasabi, Hinikayat ka ng iyong mga
kasamasamang mga kaibigan, at nanaig sa iyo: ngayon ang
iyong paa nga ay nalubog sa burak, at sila'y nagsitalikod. 23
At kanilang dadalhin ang lahat mong asawa at ang iyong
mga anak sa mga Caldeo, at hindi ka makatatanan sa
kanilang kamay, kundi ikaw ay mahuhuli ng kamay ng hari
sa Babilonia: at iyong ipasusunog ng apoy ang bayang ito.
24 Nang magkagayo'y sinabi ni Sedechias kay Jeremias,
Huwag maalaman ng tao ang mga salitang ito, at hindi ka
mamamatay. 25 Nguni't kung mabalitaan ng mga prinsipe
na ako'y nakipagsalitaan sa iyo, at sila'y magsiparito sa
iyo, at mangagsabi sa iyo, Ipahayag mo sa amin ngayon
kung ano ang iyong sinabi sa hari; huwag mong ikubli sa
amin, at hindi ka namin ipapapatay; gayon din kung anong
sinabi ng hari sa iyo: 26 Iyo ngang sasabihin sa kanila, Aking
iniharap ang aking pamanhik sa harap ng hari, na huwag
niya akong pabalikin sa bahay ni Jonathan, na mamatay
roon. 27 Nang magkagayo'y dumating ang lahat na prinsipe
kay Jeremias, at tinanong siya: at kaniyang isinaysay sa
kanila ang ayon sa lahat ng salitang ito na iniutos ng hari.
Sa gayo'y pinabayaan nilang magsalita siya; sapagka't ang
bagay ay hindi nahalata. 28 Sa gayo'y tumahan si Jeremias
sa looban ng bantay hanggang sa araw na masakop ang
Jerusalem.

**39** At nangyari nang masakop ang Jerusalem, (nang
ikasiyam na taon ni Sedechias na hari sa Juda, sa
ikasangpung buwan, dumating si Nabucodonosor na hari sa
Babilonia, at ang kaniyang buong hukbo laban sa Jerusalem,
at kinubkob; 2 Nang ikalabing isang taon ni Sedechias,
nang ikaapat na buwan, nang ikasiyam na araw ng buwan,
isang sira ay nagawa sa bayan), 3 Na ang lahat ng mga
prinsipe ng hari sa Babilonia, ay nagsipasok, at nagsiupo sa
gitnang pintuang-bayan, si Nergal-sarezer, si Samgar-nebo,
si Sarsechim, si Rabsaris, si Nergal-sarezer, si Rab-mag,
sangpu ng nalabi sa mga prinsipe ng hari sa Babilonia. 4
At nangyari, na nang makita sila ni Sedechias na hari, sa
Juda at ng lahat na lalaking mangdidigma, ay nagsitakas
nga sila, at nagsilabas sa bayan nang kinagabihan, sa daan
ng halamanan ng hari, sa pintuang-bayan sa pagitan ng
dalawang kuta; at siya'y lumabas sa daan ng Araba. 5
Nguni't hinabol sila ng hukbo ng mga Caldeo, at inabot si
Sedechias sa mga kapatagan ng Jerico: at nang kanilang
mahuli siya, isinampa nila siya kay Nabucodonosor na hari
sa Babilonia sa Ribla, sa lupain ng Hamath, at kaniyang
nilapatan siya ng kahatulan. 6 Nang magkagayo'y pinatay
ng hari sa Babilonia ang mga anak ni Sedechias sa Ribla
sa harap ng kaniyang mga mata; pinatay rin ng hari sa
Babilonia ang lahat na mahal na tao sa Juda. 7 Bukod dito'y

kaniyang binulag ang mga mata ni Sedechias, at inilagay
siya sa pangawan, upang dalhin siya sa Babilonia. **8** At
sinunog ng mga Caldeo ng apoy ang bahay ng hari, at
ang mga bahay ng mga tao, at ibinagsak ang mga kuta
ng Jerusalem. **9** Nang magkagayo'y dinalang bihag sa
Babilonia ni Nabuzaradan na kapitan ng bantay, ang nalabi
sa mga tao na naiwan sa bayan, gayon din ang nagsilipat na
nagsikampi sa kaniya, at ang nalabi sa bayan na naiwan. **10**
Nguni't iniwan ni Nabuzaradan na kapitan ng bantay ang
mga dukha sa bayan, na walang tinatangkilik sa lupain ng
Juda, at binigyan sila ng mga ubasan at ng mga bukid sa
panahon ding yaon. **11** Si Nabucodonosor nga na hari sa
Babilonia ay nagbilin kay Nabuzaradan na kapitan ng bantay
ng tungkol kay Jeremias, na sinasabi; **12** Kunin mo siya,
at ingatan mo siyang mabuti, at huwag mo siyang saktan;
kundi gawin mo sa kaniya ang kaniyang sasabihin sa iyo. **13**
Sa gayo'y nagsugo si Nabuzaradan na kapitan ng bantay, at
si Nabusazban, si Rab-saris, at si Nergal-sareser, si Rab-
mag, at lahat ng punong oficial ng hari sa Babilonia; **14** Sila'y
nangagsugo, at kinuha si Jeremias sa looban ng bantay, at
kanilang ipinagbilin siya kay Gedalias na anak ni Ahicam, na
anak ni Saphan, na kaniyang iuwi siya. Sa gayo'y tumahan
siya sa gitna ng bayan. **15** Ang salita nga ng Panginoon ay
dumating kay Jeremias, samantalang siya'y nakukulong sa
looban ng bantay, na nagsasabi, **16** Ikaw ay yumaon, at
magsalita kay Ebed-melec na taga Etiopia, na magsabi,
Ganito ang sabi ng Panginoon ng mga hukbo, ng Dios ng
Israel, Narito, aking dadalhin ang aking salita sa bayang ito
sa ikasasama, at hindi sa ikabubuti; at mangatutupad sa
harap mo sa araw na yaon. **17** Nguni't ililigtas kita sa araw
na yaon, sabi ng Panginoon; at hindi ka mabibigay sa kamay
ng mga lalake na iyong kinatatakutan. **18** Sapagka't tunay
na ililigtas kita, at ikaw ay hindi ibubuwal ng tabak, kundi ang
iyong buhay ay magiging pinakasamsam sa iyo; sapagka't
iyong inilagak ang iyong tiwala sa akin, sabi ng Panginoon.

**40** Ang salita na dumating kay Jeremias na mula sa
Panginoon, pagkatapos na mapayaon siya mula sa
Rama ni Nabuzaradan na kapitan ng bantay, nang dalhin
siya na siya'y natatanikalaan sa gitna ng lahat na bihag
sa Jerusalem at sa Juda, na nadalang bihag sa Babilonia.
**2** At kinuha si Jeremias ng kapitan ng bantay, at nagsabi
sa kaniya, Ang Panginoon mong Dios ay nagbadya ng
kasamaang ito sa dakong ito; **3** At pinapangyari, at ginawa
ng Panginoon ayon sa kaniyang sinalita: sapagka't kayo'y
nangagkasala laban sa Panginoon, at hindi nagsitalima ng
kaniyang tinig, kaya't ang bagay na ito ay dumating sa inyo.
**4** At ngayon, narito, aking kinakalagan ka sa araw na ito
ng mga tanikala na nangasa iyong kamay. Kung inaakala
mong mabuti na sumama sa akin sa Babilonia, halina, at
lilingapin kitang mabuti; nguni't kung inaakala mong masama
na sumama sa akin sa Babilonia, tanggihan mo; narito,
ang buong lupain ay nasa harap mo, kung saan inaakala
mong mabuti at marapat sa iyo na pumaroon, doon ka
pumaroon. **5** Samantala ngang hindi pa siya bumabalik.
Bumalik ka nga, sabi niya, kay Gedalias na anak ni Ahicam,
na anak ni Saphan, na ginawang tagapamahala ng hari sa
Babilonia sa mga bayan ng Juda, at tumahang kasama niya
sa gitna ng bayan, o pumaroon ka kung saan mo inaakalang
mabuting pumaroon. Sa gayo'y binigyan siya ng kapitan
ng bantay ng pagkain at kaloob, at pinayaon siya. **6** Nang
magkagayo'y naparoon si Jeremias kay Gedalias na anak
ni Ahicam sa Mizpa, at tumahang kasama niya sa gitna
ng bayan na naiwan sa lupain. **7** Nang mabalitaan nga ng
lahat ng kapitan sa mga kawal na nangasa mga parang,
sa makatuwid baga'y nila, at ng kanilang mga lalake na
ginawang tagapamahala ng hari sa Babilonia si Gedalias na
anak ni Ahicam sa lupain, at ipinagbilin sa kaniya ang mga
lalake, at ang mga babae, at ang mga bata, at ang mga
pinakadukha sa lupain, yaong hindi nangadalang bihag sa
Babilonia; **8** Nagsiparoon nga sila kay Gedalias sa Mizpa,
sa makatuwid baga'y si Ismael na anak ni Nethanias at
si Johanan at si Jonathan na mga anak ni Carea, at si
Seraias na anak ni Tanhumeth, at ang mga anak ni Ephi na
Netophatita, at si Jezanias na anak ng Maachatita, sila, at
ang kanilang mga lalake. **9** At si Gedalias na anak ni Ahicam
na anak ni Saphan, ay sumumpa sa kanila at sa kanilang
mga lalake, na sinasabi, Huwag kayong mangatakot na
magsipaglingkod sa mga Caldeo; kayo'y magsitahan sa
lupain, at magsipaglingkod sa hari sa Babilonia, at ikabubuti
ninyo. **10** Tungkol sa akin, narito, ako'y tatahan sa Mizpa,
upang tumayo sa harap ng mga Caldeo, na paririto sa
atin: nguni't kayo, mangagpisan kayo ng alak at ng mga
bunga sa taginit at ng langis, at inyong ilagay sa inyong
mga sisidlan, at kayo'y magsitahan sa inyong mga bayan na
inyong sinakop. **11** Gayon din nang mabalitaan ng lahat ng
Judio na nangasa Moab, at sa gitna ng mga anak ni Ammon,
at sa Edom, at ng nangasa lahat ng lupain, na ang hari sa
Babilonia ay nagiwan ng labi sa Juda, at inilagay niya sa
kanila si Gedalias na anak ni Ahicam, na anak ni Saphan:
**12** Lahat ng Judio nga ay nagsibalik na mula sa lahat ng
dakong kinatabuyan sa kanila, at naparoon sa lupain ng
Juda kay Gedalias, sa Mizpa, at nagpisan ng alak at ng
mga bunga sa taginit na totoong marami. **13** Bukod dito'y si
Johanan na anak ni Carea, at lahat na kapitan ng mga kawal
na nangasa mga parang, ay nagsiparoon kay Gedalias sa
Mizpa, **14** At nangagsabi sa kaniya, Nalalaman mo baga na
sinugo ni Baalis na hari ng mga anak ni Ammon si Ismael na
anak ni Nethanias upang kunin ang iyong buhay? Nguni't si

Gedalias na anak ni Ahicam ay hindi naniwala. **15** Nang
magkagayo'y si Johanan na anak ni Carea ay nagsalita ng
lihim kay Gedalias sa Mizpa, na sinabi, Isinasamo ko sa iyo,
na payaunin mo ako, at aking papatayin si Ismael na anak ni
Nethanias, at walang lalaking makakaalam: bakit niya kikitilin
ang iyong buhay, upang ang lahat na Judio na napipisan sa
iyo ay mangalat, at malipol ang nalabi sa Juda? **16** Nguni't
sinabi ni Gedalias na anak ni Ahicam kay Johanan na anak
ni Carea, Huwag mong gagawin ang bagay na ito; sapagka't
ikaw ay nagsasalita ng kasinungalingan tungkol kay Israel.

**41** Nangyari nga, nang ikapitong buwan, na si Ismael na
anak ni Nethanias, na anak ni Elisama, na lahing hari,
at isa sa mga punong oficial ng hari, at sangpung lalake
na kasama niya, ay nagsiparoon kay Gedalias na anak ni
Ahicam sa Mizpa; at doo'y magkasama silang nagsikain ng
tinapay sa Mizpa. **2** Nang magkagayo'y tumindig si Ismael na
anak ni Nethanias, at ang sangpung lalake na kasama niya,
at sinugatan ng tabak, si Gedalias na anak ni Ahicam na
anak ni Saphan, at pinatay siya, na ginawang tagapamahala
sa lupain ng hari sa Babilonia. **3** Pinatay rin naman ni Ismael
ang lahat na Judio na kasama niya, na kasama ni Gedalias,
sa Mizpa, at ang mga Caldeo na nangasumpungan doon,
sa makatuwid baga'y ang mga lalaking mangdidigma. **4** At
nangyari, nang ikalawang araw, pagkatapos na kaniyang
mapatay si Gedalias, at wala pang lalaking nakakaalam,
**5** Na nagsiparoon ang mga lalake na mula sa Sichem,
mula sa Silo, at mula sa Samaria, sa makatuwid baga'y
walong pung lalake, na may mga ahit na balbas at may
mga hapak na kasuutan, at may mga kudlit, may mga alay
at mga kamangyan sa kanilang kamay, upang dalhin sa
bahay ng Panginoon. **6** At si Ismael na anak ni Nethanias
ay lumabas na mula sa Mizpa upang salubungin sila, na
umiiyak siya habang lumalakad: at nangyari, pagkasalubong
niya sa kanila, sinabi niya sa kanila, Magsiparoon kayo
kay Gedalias na anak ni Ahicam. **7** At nangyari, na nang
sila'y pumasok sa gitna ng bayan, na pinatay sila ni Ismael
na anak ni Nethanias at inihagis sila sa hukay, niya at ng
mga lalake na kasama niya. **8** Nguni't sangpung lalake
ay nangasumpungan sa kanila na nangagsabi kay Ismael,
Huwag mo kaming patayin; sapagka't kami ay may mga
kayamanan na kubli sa parang, na trigo, at cebada, at langis,
at pulot. Sa gayo'y nagpigil siya, at hindi niya pinatay sila
sa gitna ng kanilang mga kapatid. **9** Ang hukay nga na
pinagtapunan ni Ismael ng lahat ng bangkay ng mga tao na
kaniyang pinatay, sa siping ni Gedalias, (siya ring ginawa
ni Asa na hari dahil sa takot kay Baasa na hari sa Israel),
pinuno ni Ismael na anak ni Nethanias ng nangapatay. **10**
Nang magkagayo'y dinalang bihag ni Ismael ang lahat na
nangalabi sa bayan na nangasa Mizpa, sa makatuwid baga'y
ang mga anak na babae ng hari, at ang buong bayan na
nalabi sa Mizpa, na siyang mga ibinilin ni Nabuzaradan
na kapitan ng bantay kay Gedalias na anak ni Ahicam;
sila'y dinalang bihag ni Ismael na anak ni Nethanias, at
nagpatuloy na yumaon sa mga anak ni Ammon. **11** Nguni't
nang mabalitaan ni Johanan na anak ni Carea, at ng lahat na
kapitan sa mga kawal na kasama niya, ang buong kasamaan
na ginawa ni Ismael na anak ni Nethanias, **12** Ipinagsama
nga nila ang lahat na lalake, at sila'y nagsiyaong lumaban
kay Ismael na anak ni Nethanias, at nasumpungan nila siya
sa tabi ng malaking bukal na nasa Gabaon. **13** Nangyari
nga, nang makita ng buong bayan na kasama ni Ismael
si Johanan na anak ni Carea at ang lahat ng kapitan sa
mga kawal na kasama niya, sila nga'y nangatuwa. **14** Sa
gayo'y ang buong bayan na dinalang bihag ni Ismael na
mula sa Mizpa, ay pumihit at bumalik, at naparoon kay
Johanan na anak ni Carea. **15** Nguni't si Ismael na anak ni
Nethanias ay tumanan mula kay Johanan na kasama ng
walong lalake, at naparoon sa mga anak ni Ammon. **16** Nang
magkagayo'y kinuha ni Johanan na anak ni Carea at ng
lahat ng kapitan sa mga kawal na kasama niya, ang lahat na
nalabi sa bayan na kaniyang nabawi kay Ismael na anak ni
Nethanias, mula sa Mizpa, pagkatapos na kaniyang mapatay
si Gedalias na anak ni Ahicam, sa makatuwid ang mga
lalaking magdidigma, at ang mga babae, at ang mga bata, at
ang mga bating, na kaniyang mga ibinalik mula sa Gabaon;
**17** At sila'y nagsiyaon at nagsitahan sa Geruth chimham, na
malapit sa Bethlehem upang pumaroong masok sa Egipto.
**18** Dahil sa mga Caldeo; sapagka't sila'y nangatakot sa
kanila, sapagka't pinatay ni Ismael na anak ni Nethanias si
Gedalias na anak ni Ahicam, na ginawang tagapamahala sa
lupain ng hari sa Babilonia.

**42** Nang magkagayo'y ang lahat na kapitan sa mga kawal,
at si Johanan na anak ni Carea, at si Jezanias na
anak ni Osaia, at ang buong bayan, mula sa kaliitliitan
hanggang sa kadakidakilaan, ay nagsilapit, **2** At nangagsabi
kay Jeremias na propeta, Isinasamo namin sa iyo, na
tanggapin ang aming pamanhik sa harap mo, at idalangin
mo kami sa Panginoon mong Dios, sa makatuwid baga'y
ang lahat na nalabing ito (sapagka't kaming naiwan ay kaunti
sa karamihan, gaya ng namamasdan ng iyong mga mata
sa amin), **3** Upang ipakita sa amin ng Panginoon mong
Dios ang daan na aming marapat na lakaran, at ang bagay
na marapat naming gawin. **4** Nang magkagayo'y sinabi ni
Jeremias na propeta sa kanila, Aking narinig kayo; narito,
aking idadalangin kayo sa Panginoon ninyong Dios ayon sa
inyong mga salita; at mangyayari, na anomang bagay na
isasagot ng Panginoon sa inyo; aking ipahahayag sa inyo;
hindi ako maglilihim sa inyo. **5** Nang magkagayo'y sinabi nila

kay Jeremias, Ang Panginoon ay maging tunay at tapat na
saksi sa gitna natin, kung hindi nga namin gawin ang ayon
sa buong salita na ipasusugo sa iyo ng Panginoon mong
Dios sa amin. **6** Maging mabuti, o maging masama, aming
tatalimahin ang tinig ng Panginoon nating Dios, na siya
naming pinagsusuguan sa iyo; upang ikabuti namin, pagka
aming tinatalima ang tinig ng Panginoon nating Dios. **7** At
nangyari, pagkatapos ng sangpung araw, na ang salita ng
Panginoon ay dumating kay Jeremias. **8** Nang magkagayo'y
tinawag niya si Johanan na anak ni Carea, at ang lahat na
kapitan sa mga kawal na kasama niya, at ang buong bayan,
mula sa kaliitliitan hanggang sa kadakidakilaan, **9** At sinabi
niya sa kanila, Ganito ang sabi ng Panginoon, ng Dios ng
Israel, na inyong pinagsuguan sa akin upang iharap ang
inyong pamanhik sa harap niya: **10** Kung kayo'y magsisitahan
pa sa lupaing ito, akin ngang itatayo kayo, at hindi ko
kayo itutulak, at itatatag kayo, at hindi ko kayo paaalisin;
sapagka't aking pinagsisihan ang kasamaang nagawa ko sa
inyo. **11** Huwag kayong mangatakot sa hari sa Babilonia
na inyong kinatatakutan; huwag kayong mangatakot sa
kaniya, sabi ng Panginoon, sapagka't ako'y sumasainyo
upang iligtas ko kayo, at alisin kayo sa kaniyang kamay. **12**
At pagpapakitaan ko kayo ng kaawaan, upang kaawaan niya
kayo, at upang pabalikin kayo sa inyong sariling lupain. **13**
Nguni't kung inyong sabihin, Kami ay hindi magsisitahan sa
lupaing ito; na anopa't hindi ninyo talimahin ang tinig ng
Panginoon ninyong Dios, **14** Na nagsasabi, Hindi; kundi
magsisiparoon kami sa lupain ng Egipto, na hindi namin
kakikitaan ng digma, o kariringgan man ng tunog ng pakakak,
o kagugutuman ng tinapay: at doon kami magsisitahan: **15**
Inyo ngang pakinggan ang salita ng Panginoon, Oh nalabi
sa Juda: ganito ang sabi ng Panginoon ng mga hukbo,
ng Dios ng Israel; Kung inyong lubos na ihaharap ang
inyong mukha na pumasok sa Egipto, at magsiparoon upang
mangibang bayan doon; **16** Mangyayari nga na ang tabak
na inyong kinatatakutan, ay aabot sa inyo roon sa lupain
ng Egipto, at ang kagutom na inyong kinatatakutan, ay
susunod sa inyong mahigpit doon sa Egipto; at doon kayo
mangamamatay. **17** Gayon ang mangyayari sa lahat ng
tao na maghaharap ng kanilang mukha na magsiparoon sa
Egipto, upang mangibang bayan doon; sila'y mangamamatay
sa pamamagitan ng tabak, ng kagutom at ng salot: at walang
maiiwan sa kanila o makatatanan man sa kasamaan na
aking dadalhin sa kanila. **18** Sapagka't ganito ang sabi ng
Panginoon ng mga hukbo, ng Dios ng Israel: Kung paanong
ang aking galit at ang aking kapusukan ay nabugso sa mga
nananahan sa Jerusalem, gayon mabubugso ang aking
kapusukan sa inyo, pagka kayo'y pumasok sa Egipto: at
kayo'y magiging katungayawan, at katigilan, at kasumpaan,
at kadustaan: at hindi na ninyo makikita ang dakong ito.
**19** Ang Panginoon ay nagsalita tungkol sa inyo, Oh nalabi
sa Juda, Huwag kayong pumasok sa Egipto: talastasin
ninyong tunay na ako'y nagpapatotoo sa inyo sa araw na
ito. **20** Sapagka't dinaya ninyo ang inyong sarili; sapagka't
inyong sinugo ako sa Panginoon ninyong Dios, na inyong
sinasabi, Idalangin mo kami sa Panginoon nating Dios: at
ayon sa lahat na sasabihin ng Panginoon nating Dios ay
gayon mo ipahayag sa amin, at aming gagawin. **21** At aking
ipinahayag sa inyo sa araw na ito; nguni't hindi ninyo dininig
ang tinig ng Panginoon ninyong Dios sa anomang bagay
na kaniyang ipinasugo sa akin sa inyo. **22** Ngayon nga'y
talastasin ninyong tunay na kayo'y mangapapatay ng tabak,
ng kagutom, at ng salot, sa dakong inyong pagnasaang
parunan na mangibang bayan.

**43** At nangyari, na nang si Jeremias ay makatapos ng
pagsasalita sa buong bayan ng lahat ng mga salita ng
Panginoon nilang Dios, na ipinasugo sa kaniya ng Panginoon
nilang Dios sa kanila, sa makatuwid ang lahat ng mga
salitang ito; **2** Nagsalita nga kay Jeremias si Azarias na
anak ni Osaias, at si Johanan na anak ni Carea, at ang lahat
na palalong lalake, na nangagsasabi, Ikaw ay nagsasalita ng
kasinungalingan: hindi ka sinugo ng Panginoon nating Dios,
na magsabi, Kayo'y huwag magsisiparoon sa Egipto na
mangibang bayan doon; **3** Kundi hinikayat ka ni Baruch na
anak ni Nerias laban sa amin, upang ibigay kami sa kamay
ng mga Caldeo, upang maipapatay nila kami, at mangadala
kaming bihag sa Babilonia. **4** Sa gayo'y si Johanan na anak
ni Carea, at ang lahat na kapitan sa mga kawal, at ang
buong bayan, ay hindi nagsitalima sa tinig ng Panginoon na
tumahan sa lupain ng Juda. **5** Kundi kinuha ni Johanan na
anak ni Carea, at ng lahat na kapitan sa mga kawal ang
buong nalabi sa Juda na nagbalik na mula sa lahat ng mga
bansa na pinagtabuyan nila na mangibang bayan sa lupain
ng Juda; **6** Ang mga lalake, at ang mga babae, at ang mga
bata, at ang mga anak na babae ng hari, at bawa't tao na
naiwan ni Nabuzaradan na kapitan ng bantay na kasama
ni Gedalias na anak ni Ahicam, na anak ni Saphan, at si
Jeremias na propeta, at si Baruch na anak ni Nerias: **7**
At sila'y nagsipasok sa lupain ng Egipto; sapagka't hindi
nila tinalima ang tinig ng Panginoon: at sila'y nagsiparoon
hanggang sa Taphnes. **8** Nang magkagayo'y dumating ang
salita ng Panginoon kay Jeremias sa Taphnes, na nagsasabi,
**9** Magtangan ka ng mga malaking bato sa iyong kamay, at
iyong kublihan ng argamasa sa nalaladrillohan, na nasa
pasukan ng bahay ni Faraon, sa Taphnes sa paningin ng
mga tao sa Juda; **10** At iyong sabihin sa kanila, Ganito ang
sabi ng Panginoon ng mga hukbo, ng Dios ng Israel, Narito,
ako'y magsusugo at kukunin ko si Nabucodonosor na hari sa

Babilonia, na aking lingkod, at aking ilalagay ang kaniyang
luklukan sa mga batong ito na aking ikinubli; at kaniyang
ilaladlad ang kaniyang pabillong hari sa mga yaon. 11 At
siya'y paririto, at kaniyang sasaktan ang lupain ng Egipto; na
yaong sa pagkamatay ay mabibigay sa kamatayan, at yaong
sa pagkabihag ay sa pagkabihag, at yaong sa tabak ay sa
tabak. 12 At ako'y magsisilab ng apoy sa mga bahay ng
mga dios ng Egipto; at kaniyang mga susunugin, at sila'y
dadalhing bihag: at kaniyang aariin ang lupain ng Egipto na
parang pastor na nagaari ng kaniyang kasuutan; at siya'y
lalabas na payapa mula riyan. 13 Kaniya ring babaliin ang
mga haligi ng Beth-semes na nasa lupain ng Egipto; at ang
mga bahay ng mga dios ng Egipto ay susunugin ng apoy.

**44** Ang salita na dumating kay Jeremias tungkol sa lahat
na Judio na nagsitahan sa lupain ng Egipto sa Migdol,
at sa Taphnes, at sa Memphis, at sa lupain ng Patros, na
nagsasabi, 2 Ganito ang sabi ng Panginoon ng mga hukbo,
ng Dios ng Israel: Inyong nakita ang buong kasamaan na
aking dinala sa Jerusalem, at sa lahat ng mga bayan ng
Juda; at, narito, sa araw na ito, sila'y kagibaan, at walang
taong tumatahan doon, 3 Dahil sa kanilang kasamaan na
kanilang ginawa upang mungkahiin ako sa galit, sa kanilang
pagsusunog ng kamangyan, at sa paglilingkod sa ibang mga
dios, na hindi nila nakilala, kahit nila, o ninyo man, o ng
inyong mga magulang man. 4 Gayon ma'y sinugo ko sa inyo
ang lahat kong lingkod na mga propeta, na bumabangon
akong maaga at sinusugo ko sila, na nagsasabi, Oh huwag
ninyong gawin ang kasuklamsuklam na bagay na ito na aking
kinapopootan. 5 Nguni't hindi sila nakinig, o ikiniling man nila
ang kanilang pakinig na magsihiwalay sa kanilang kasamaan,
na huwag mangagsunog ng kamangyan sa ibang mga dios.
6 Kaya't ang aking kapusukan at ang aking galit ay nabuhos,
at nagalab sa mga bayan ng Juda at sa mga lansangan ng
Jerusalem; at mga sira at giba, gaya sa araw na ito. 7 Kaya't
ngayo'y ganito ang sabi ng Panginoon, ng Dios ng mga
hukbo, ng Dios ng Israel, Bakit kayo'y nagsigawa nitong
malaking kasamaan laban sa inyong sariling mga kaluluwa,
upang maghiwalay sa inyo ng lalake at babae, ng sanggol at
pasusuhin, sa gitna ng Juda, upang huwag maiwanan kayo
ng anomang labi; 8 Sa inyong pagkamungkahi sa akin sa
galit sa pamamagitan ng mga gawa ng inyong mga kamay,
na nangagsusunog kayo ng kamangyan sa ibang mga dios
sa lupain ng Egipto, na inyong kinaparoonan na mangibang
bayan; upang kayo'y maging kasumpaan at kadustaan sa
gitna ng lahat na bansa sa lupa? 9 Inyo bagang kinalimutan
ang kasamaan ng inyong mga magulang, at ang kasamaan
ng mga hari sa Juda, at ang kasamaan ng kanilang mga
asawa, at ang inyong sariling kasamaan, at ang kasamaan
ng inyong mga asawa, na kanilang ginawa sa lupain ng
Juda, at sa mga lansangan ng Jerusalem? 10 Sila'y hindi
nagpakababa hanggang sa araw na ito, o nangatakot man
sila, o nagsilakad man sila ng ayon sa aking kautusan,
o sa aking mga palatuntunan man, na aking inilagay sa
harap ninyo at sa harap ng inyong mga magulang. 11 Kaya't
ganito ang sabi ng Panginoon ng mga hukbo, ng Dios ng
Israel, Narito, aking itititig ang aking mukha laban sa inyo
sa ikasasama, sa makatuwid baga'y upang ihiwalay ang
buong Juda. 12 At aking kukunin ang nalabi sa Juda na
nagtitig ng kanilang mga mukha na pumasok sa lupain ng
Egipto upang mangibang bayan doon, at silang lahat ay
mangalipol; sa lupain ng Egipto ay mangabubuwal sila; sila'y
lilipulin ng tabak, at ng kagutom; sila'y mangamamatay mula
sa kaliitliitan hanggang sa kadakidakilaan sa pamamagitan
ng tabak at ng kagutom; at sila'y magiging katungayawan, at
katigilan, at kasumpaan, at kadustaan. 13 Sapagka't aking
parurusahan silang nagsisitahan sa lupain ng Egipto, gaya
ng aking pagkaparusa sa Jerusalem sa pamamagitan ng
tabak, ng kagutom, at ng salot; 14 Na anopa't wala sa nalabi
sa Juda na pumasok sa lupain ng Egipto na nangibang bayan
doon, ay makatatanan o maiiwan man, upang makabalik
sa lupain ng Juda na kanilang pinagnanasaang pagbalikan
upang tahanan: sapagka't walang magsisibalik liban sa mga
makatatanan. 15 Nang magkagayo'y lahat ng lalake na
nakaalam na ang kanilang mga asawa ay nangagsunog ng
kamangyan sa ibang mga dios, at ang lahat na babae na
nangakatayo, isang malaking kapulungan, sa makatuwid
baga'y ang buong bayan na tumahan sa lupain ng Egipto,
sa Pathros, ay sumagot kay Jeremias, na nagsasabi, 16
Tungkol sa salita na iyong sinalita sa amin sa pangalan ng
Panginoon, hindi ka namin didinggin. 17 Kundi aming tunay
na isasagawa ang bawa't salita na lumabas sa aming bibig,
upang ipagsunog ng kamangyan ang reina ng langit, at
ipagbuhos siya ng inuming handog, gaya ng aming ginawa,
namin, at ng aming mga magulang, ng aming mga hari,
at ng aming mga prinsipe sa mga bayan ng Juda, at sa
mga lansangan ng Jerusalem; sapagka't noon ay nagkaroon
kami ng saganang pagkain, at kami ay nagsisibuti, at hindi
nakakita ng kasamaan. 18 Nguni't mula nang aming iwan ang
pagsusunog ng kamangyan sa reina ng langit, at ipagbuhos
siya ng mga inuming handog, kami ay nangailangan ng lahat
na bagay, at kami ay nangalipol ng tabak at ng kagutom. 19
At nang kami ay magsunog ng kamangyan sa reina ng langit
at ipagbuhos siya ng mga inuming handog iginawa baga
namin siya ng munting tinapay upang sambahin siya, at
ipinagbuhos baga namin siya ng mga inuming handog, na
wala ang aming mga asawa? 20 Nang magkagayo'y sinabi
ni Jeremias sa buong bayan, sa mga lalake, at sa mga
babae sa buong bayan na nagbigay sa kaniya ng sagot na

yaon, na nagsasabi, **21** Ang kamangyan na inyong sinunog
sa mga bayan ng Juda, at sa mga lansangan ng Jerusalem,
ninyo, at ng inyong mga magulang, ng inyong mga hari
at ng inyong mga prinsipe, at ng bayan ng lupain, hindi
baga inalaala ng Panginoon, at hindi baga pumasok sa
kaniyang pagiisip? **22** Na anopa't ang Panginoon ay hindi
nakapagpigil ng maluwat, dahil sa kasamaan ng inyong
mga gawa, at dahil sa mga kasuklamsuklam na inyong
ginawa; kaya't ang inyong lupain ay naging sira, at katigilan,
at kasumpaan, na walang mananahan gaya sa araw na
ito. **23** Sapagka't kayo'y nangagsunog ng kamangyan, at
sapagka't kayo'y nangagkasala laban sa Panginoon, at hindi
nagsitalima sa tinig ng Panginoon, o nagsilakad man sa
kaniyang kautusan, o sa kaniyang palatuntunan man, o sa
kaniyang mga patotoo man; dahil dito ang kasamaang ito
ay nangyari sa inyo, gaya sa araw na ito. **24** Bukod dito
ay sinabi ni Jeremias sa buong bayan, at sa lahat ng mga
babae, Inyong pakinggan ang salita ng Panginoon, buong
Juda, na nasa lupain ng Egipto: **25** Ganito ang sabi ng
Panginoon ng mga hukbo, ng Dios ng Israel, na nagsasabi,
Kayo at ang inyong mga asawa ay kapuwa nangagsalita
ng inyong mga bibig, at ginanap ng inyong mga kamay,
na nagsasabi, Tunay na aming tutuparin ang aming mga
panata na aming ipinanata, na magsunog ng kamangyan
sa reina ng langit, at ipagbuhos ng mga inuming handog
siya: inyo ngang isagawa ang inyong mga panata, at inyong
tuparin ang inyong mga panata. **26** Kaya't inyong pakinggan
ang salita ng Panginoon, buong Juda na tumatahan sa
lupain ng Egipto. Narito, ako'y sumumpa ng aking dakilang
pangalan, sabi ng Panginoon, na ang aking pangalan ay
hindi mababanggit sa bibig ng sinoman sa Juda sa buong
lupain ng Egipto, na sabihin, Buhay ang Panginoong Dios.
**27** Narito, aking binabantayan sila sa ikasasama, at hindi
sa ikabubuti; at lahat ng tao ng Juda na nangasa lupain
ng Egipto ay mangalilipol sa pamamagitan ng tabak at ng
kagutom, hanggang sa umabot sila sa kawakasan. **28** At ang
mga makatatanan sa tabak ay mangagbabalik sa lupain ng
Juda na mula sa lupain ng Egipto, na kaunti sa bilang; at ang
buong nalabi sa Juda, na pumasok sa lupain ng Egipto na
nangibang bayan doon, ay makakaalam kung kaninong salita
ang mananayo, kung akin, o kanila. **29** At ito ang magiging
tanda sa inyo, sabi ng Panginoon, na aking parurusahan
kayo sa dakong ito, upang inyong makilala na ang aking
salita ay tunay na tatayo laban sa inyo sa ikasasama: **30**
Ganito ang sabi ng Panginoon, Narito, aking ibibigay si
Faraon Hophra na hari sa Egipto sa kamay ng kaniyang mga
kaaway, at sa kamay ng nagsisiusig ng kaniyang buhay;
gaya ng pagkabigay ko kay Sedechias na hari sa Juda sa
kamay ni Nabucodonosor na hari sa Babilonia, na kaniyang
kaaway, at umuusig ng kaniyang buhay.

**45** Ang salita na sinalita ni Jeremias na propeta kay
Baruch na anak ni Nerias, nang sulatin niya ang mga
salitang ito sa isang aklat sa bibig ni Jeremias, nang ikaapat
na taon ni Joacim na anak ni Josias, hari sa Juda na
nagsasabi: **2** Ganito ang sabi ng Panginoon, ng Dios ng
Israel, sa iyo, Oh Baruch: **3** Iyong sinabi, Sa aba ko ngayon!
sapagka't ang Panginoon ay nagdagdag ng kapanglawan
sa aking sakit; ako'y pagod sa kaaangal, at wala akong
kapahingahan. **4** Ganito ang sasabihin mo sa kaniya, Ganito
ang sabi ng Panginoon, Narito, na ang aking itinayo ay
aking ibabagsak, at ang aking itinanim ay aking bubunutin;
at ito'y sa buong lupain. **5** At ikaw baga ay humahanap
ng mga dakilang bagay para sa iyong sarili? huwag mong
hanapin; sapagka't, narito, ako'y magdadala ng kasamaan
sa lahat ng tao, sabi ng Panginoon; nguni't ang iyong buhay
ay ibibigay ko sa iyo na pinakahuli sa lahat ng dakong iyong
kapaparoonan.

**46** Ang salita ng Panginoon na dumating kay Jeremias na
propeta tungkol sa mga bansa. **2** Tungkol sa Egipto:
tungkol sa hukbo ni Faraon Nechao na hari sa Egipto, na
nasa tabi ng ilog ng Eufrates sa Carchemis na sinaktan ni
Nabucodonosor na hari sa Babilonia nang ikaapat na taon
ni Joacim na anak ni Josias, na hari sa Juda. **3** Inyong
iayos ang pansalag at kalasag, at kayo'y magsilapit sa
pagbabaka. **4** Singkawan ninyo ang mga kabayo, at kayo'y
magsisakay, kayong mga nangangabayo, at magsitayo
kayong mga turbante; pakintabin ninyo ang mga sibat, at
mangagsuot kayo ng sapyaw. **5** Bakit ko nakita? sila'y
nanganglulupaypay at nagsisibalik; at ang kanilang mga
makapangyarihan ay buwal, at nagsisitakas na maliksi, at
hindi nagsisilingon: kakilabutan ay nasa bawa't dako, sabi ng
Panginoon. **6** Huwag tumakas ang maliksi, o tumanan man
ang makapangyarihan; sa hilagaan sa tabi ng ilog Eufrates
ay nangatisod sila at nangabuwal. **7** Sino itong bumabangon
na parang Nilo na ang mga tubig ay nagiinalong parang mga
ilog? **8** Ang Egipto ay bumabangong parang Nilo, at ang tubig
ay nagiinalong parang mga ilog: at kaniyang sinasabi, Ako'y
babangon, aking tatakpan ang lupa; aking ipapahamak ang
bayan at ang mga mananahan doon. **9** Kayo'y magsisampa,
kayong mga kabayo; at kayo'y magsihagibis, kayong mga
karo; at magsilabas ang mga lalaking makapangyarihan:
ang Cus at ang Phut, na humahawak ng kalasag; at ang
mga Ludio, na nagsisihawak at nangagaakma ng busog. **10**
Sapagka't ang araw na yaon ay sa Panginoon, sa Panginoon
ng mga hukbo, araw ng panghihiganti, upang maipanghiganti
niya siya sa kaniyang mga kaaway: at ang tabak ay lalamon

at mabubusog, at magpapakalango sa dugo nila: sapagka't
ang Panginoon, ang Panginoon ng mga hukbo, may hain
sa lupaing hilagaan sa tabi ng ilog Eufrates. 11 Sumampa
ka sa Galaad, at kumuha ka ng balsamo, Oh anak na
dalaga ng Egipto: sa walang kabuluhan gumagamit ka ng
maraming gamot; hindi ka na gagaling. 12 Nabalitaan ng
mga bansa ang iyong kahihiyan, at ang lupa ay puno ng
iyong hiyaw, sapagka't ang makapangyarihan ay natisod
laban sa makapangyarihan, sila'y nangabuwal kapuwa na
magkasama. 13 Ang salita na sinalita ng Panginoon kay
Jeremias na propeta, kung paanong si Nabucodonosor
na hari sa Babilonia ay darating, at sasaktan ang lupain
ng Egipto. 14 Ipahayag ninyo sa Egipto, at inyong ihayag
sa Migdol, at inyong ihayag sa Memphis, at sa Taphnes:
sabihin ninyo, Tumayo ka, at humanda ka; sapagka't ang
tabak ay nanakmal sa palibot mo. 15 Bakit ang iyong
mga malakas ay napaalis? sila'y hindi nagsitayo, sapagka't
itinaboy ng Panginoon. 16 Kaniyang itinisod ang marami,
oo, sila'y nangabuwal na patongpatong, at kanilang sinabi,
Bumangon ka, at magsiparoon tayo uli sa ating sariling
bayan, at sa lupain na kinapanganakan sa atin, mula sa
mapagpighating tabak. 17 Sila'y nagsihiyaw roon, Si Faraong
hari sa Egipto ay isang hugong lamang; kaniyang pinaraan
ang takdang panahon. 18 Buhay ako, sabi ng Hari, na ang
pangalan ay Panginoon ng mga hukbo, tunay na kung paano
ang Tabor sa gitna ng mga bundok, at kung paano ang
Carmel sa tabi ng dagat, gayon siya darating. 19 Oh ikaw
na anak na babae na tumatahan sa Egipto, gumayak ka
sa pagpasok sa pagkabihag; sapagka't ang Memphis ay
masisira, at magniningas na mawawalan ng mananahan. 20
Ang Egipto ay napakagandang dumalagang baka; nguni't
pagkasirang mula sa hilagaan ay dumarating, dumarating.
21 Ang kaniya namang mga taong upahan sa gitna niya
ay parang mga guya sa kulungan; sapagka't sila man ay
nagsibalik, sila'y nagsitakas na magkakasama, sila'y hindi
nagsitayo: sapagka't ang kaarawan ng kanilang kasakunaan
ay dumating sa kanila, ang panahon ng pagdalaw sa kanila.
22 Ang hugong niyaon ay yayaong parang ahas; sapagka't
sila'y magsisiyaong kasama ng hukbo, at magsisiparoong
laban sa kaniya na mga may palakol, na parang mga
mamumutol ng kahoy. 23 Kanilang puputulin ang kaniyang
gubat, sabi ng Panginoon, bagaman mahirap pasukin;
sapagka't sila'y higit kay sa mga balang, at walang bilang.
24 Ang anak na babae ng Egipto ay malalagay sa kahihiyan;
siya'y mabibigay sa kamay ng bayan ng hilagaan. 25 Sabi
ng Panginoon ng mga hukbo, ng Dios ng Israel, Narito,
aking parurusahan si Amon na taga No, at si Faraon, at
ang Egipto, sangpu ng kaniyang mga dios at ng kaniyang
mga hari; maging si Faraon, at silang nagsisitiwala sa
kaniya: 26 At aking ibibigay sila sa kamay ng nagsisiusig ng
kanilang mga buhay, at sa kamay ni Nabucodonosor na
hari sa Babilonia, at sa kamay ng kaniyang mga lingkod;
at pagkatapos ay tatahanan na gaya ng mga araw nang
una, sabi ng Panginoon. 27 Nguni't huwag kang matakot,
Oh Jacob na aking lingkod, ni manglupaypay ka, Oh Israel:
sapagka't narito, ililigtas kita mula sa malayo, at ang iyong
lahi ay mula sa lupain ng kanilang pagkabihag; at ang Jacob
ay babalik, at magiging tahimik at tiwasay, at walang tatakot
sa kaniya. 28 Huwag kang matakot, Oh Jacob na aking
lingkod, sabi ng Panginoon, sapagka't ako'y sumasaiyo:
sapagka't ako'y gagawa ng lubos na kawakasan sa lahat
ng bansa na aking pinagtabuyan sa iyo; nguni't hindi ako
gagawa ng lubos na kawakasan sa iyo, kundi sasawayin
kita ng kahatulan, at hindi kita iiwan sa anomang paraan ng
walang kaparusahan.

**47** Ang salita ng Panginoon na dumating kay Jeremias
na propeta tungkol sa mga Filisteo, bago sinaktan ni
Faraon ang Gaza. 2 Ganito ang sabi ng Panginoon, Narito,
tubig ay umaahon mula sa hilagaan, at magiging baha, at
aapawan ang lupain at ang lahat na nangaroon, ang bayan
at ang nagsisitahan doon; at ang mga tao ay magsisihiyaw,
at lahat ng mananahan sa lupain ay magsisitangis. 3 Sa
ingay ng lagapak ng mga kuko ng kaniyang mga malakas,
sa hagibis ng kaniyang mga karo, sa hugong ng kaniyang
mga gulong, hindi nililingon ng mga magulang ang kanilang
mga anak dahil sa kahinaan ng mga kamay; 4 Dahil sa araw
na dumarating upang lipulin ang lahat ng Filisteo, upang
ihiwalay sa Tiro at Sidon, ang bawa't manunulongan na
nalabi: sapagka't lilipulin ng Panginoon ang mga Filisteo,
ang nalabi sa pulo ng Caphtor. 5 Kakalbuhan ay dumating
sa Gaza; Ascalon ay napahamak, at ang nalabi sa kanilang
libis: hanggang kailan magkukudlit ka? 6 Oh ikaw na tabak
ng Panginoon, hanggang kailan di ka tatahimik? pumasok
ka sa iyong kalooban; ikaw ay magpahinga, at tumahimik.
7 Paanong ikaw ay matatahimik dangang binigyan ka ng
Panginoon ng bilin? laban sa Ascalon, at laban sa baybayin
ng dagat ay doon niya itinakda.

**48** Tungkol sa Moab. Ganito ang sabi ng Panginoon
ng mga hukbo, ng Dios ng Israel, Sa aba ng Nebo!
sapagka't nalagay na sira; Chiriathaim ay nalagay sa
kahihiyan, nasakop; ang Misgab ay nalagay sa kahihiyan
at nabagsak. 2 Ang kapurihan ng Moab ay nawala; sa
Hesbon ay nagsisikatha sila ng kasamaan laban sa kaniya:
Magsiparito kayo, at ihiwalay natin siya sa pagkabansa.
Ikaw, naman, Oh Madmena, madadala sa katahimikan;
hahabulin ka ng tabak. 3 Ang hugong ng hiyaw mula sa
Horonaim, pananamsam at malaking kapahamakan! 4

Ang Moab ay sira; ang kaniyang mga bata ay nagpadinig
ng kanilang hibik. 5 Sapagka't sa ahunan sa Luhith ay
magsisiahon sila na may laging pagiyak; sapagka't kanilang
narinig sa lusungan sa Horonaim ang kapanglawan ng
hiyaw ng pagkapahamak. 6 Magsitakas kayo, inyong iligtas
ang inyong mga buhay, at kayo'y maging parang kugon
sa ilang. 7 Sapagka't yamang ikaw ay tumiwala sa iyong
mga gawa at sa iyong mga kayamanan, ikaw man ay
makukuha: at si Chemos ay papasok sa pagkabihag, ang
kaniyang mga saserdote at ang kaniyang mga prinsipe
na magkakasama. 8 At ang manglilipol ay darating sa
bawa't bayan, at walang bayan na makatatanan; ang libis
naman ay nawawala, at ang kapatagan ay masisira; gaya
ng sinalita ng Panginoon. 9 Mangagbigay kayo ng mga
pakpak sa Moab, upang siya'y makalipad makalabas: at
ang kaniyang mga bayan ay masisira, na walang sinomang
tatahan doon. 10 Sumpain nawa siya na gumagawa na
walang bahala sa gawain ng Panginoon; at sumpain siya na
naguurong ng kaniyang tabak sa dugo. 11 Ang Moab na
tiwasay mula sa kaniyang kabataan, at siya'y nagpahinga sa
kaniyang mga latak, at hindi napagsalinsalin sa sisidlan at
sisidlan, o pumasok man siya sa pagkabihag: kaya't ang
kaniyang lasa ay nananatili sa kaniya, at ang kaniyang bango
ay hindi nababago. 12 Kaya't narito, ang mga kaarawan
ay dumarating, sabi ng Panginoon, na aking susuguin sa
kanila ang mga mangbubuhos, at siya'y ibubuhos nila; at
kanilang tutuyuin ang kaniyang mga sisidlan, at babasagin
ang kanilang mga sisidlang lupa. 13 At ang Moab ay
mapapahiya dahil kay Chemos, gaya ng sangbahayan ni
Israel na napahiya dahil sa Beth-el na kanilang tiwala.
14 Bakit ninyo sinasabi, Kami ay mga makapangyarihang
lalake, at mga matapang na lalake na mangdidigma? 15
Ang Moab ay nalalagay na sira, at ang kaniyang mga bayan
ay mga sinampa, at ang kaniyang mga piling binata ay
nagsibaba sa patayan, sabi ng Hari, na ang pangalan ay
Panginoon ng mga hukbo. 16 Ang kasakunaan ng Moab ay
malapit nang darating, at ang kaniyang pagdadalamhati ay
nagmamadali. 17 Kayong lahat na nangasa palibot niya,
panaghuyan ninyo siya, at ninyong lahat na nangakakakilala
ng kaniyang pangalan; inyong sabihin, Bakit ang matibay na
tukod ay nabali, ang magandang tungkod! 18 Oh ikaw na
anak na babae na tumatahan sa Dibon, bumaba ka na mula
sa inyong kaluwalhatian, at umupo kang uhaw; sapagka't
ang manglilipol ng Moab ay sumampa laban sa iyo, kaniyang
giniba ang iyong mga katibayan. 19 Oh nananahan sa
Aroer, tumayo ka sa tabi ng daan, at manubok ka: itanong
mo sa kaniya na tumatakas, at sa kaniya na tumatanan;
iyong sabihin; Ano ang nangyari? 20 Ang Moab ay nalagay
sa kahihiyan; sapagka't nagiba: kayo ay magsitangis at
magsihiyaw; saysayin ninyo sa Arnon, na ang Moab ay
nasira. 21 At ang kahatulan ay dumating sa lupaing patag,
sa Holon, at sa Jahzah, at sa Mephaath, 22 At sa Dibon, at
sa Nebo, at sa Beth-diblathaim, 23 At sa Chiriathaim, at
sa Beth-gamul, at sa Beth-meon; 24 At sa Cherioth, at sa
Bosra, at sa lahat ng bayan ng lupain ng Moab, malayo
o malapit. 25 Ang sungay ng Moab ay nahiwalay, at ang
kaniyang bisig ay nabali, sabi ng Panginoon. 26 Languhin
ninyo siya; sapagka't siya'y nagmalaki laban sa Panginoon:
at ang Moab ay gugumon sa kaniyang suka, at siya man
ay magiging kakutyaan. 27 Sapagka't hindi baga naging
kakutyaan ang Israel sa iyo? hindi baga siya nasumpungan
sa gitna ng mga magnanakaw? sapagka't kung paanong
kadalas sinasalita mo siya, gayon naguuga ka ng ulo. 28 Oh
kayong mga nananahan sa Moab, inyong iwan ang mga
bayan, at kayo'y magsitahan sa malaking bato; at maging
gaya ng kalapati na nagpupugad sa mga tabi ng bunganga
ng guwang. 29 Aming nabalitaan ang kapalaluan ng Moab,
na siya'y totoong palalo; ang kaniyang pagmamataas, at ang
kaniyang pagpapalalo, at ang kaniyang kahambugan, at
ang pagmamatigas ng kaniyang puso. 30 Talastas ko ang
kaniyang poot ay walang mangyayari; sabi ng Panginoon,
ang kaniyang paghahambog ay walang nangyari. 31 Kaya't
aking tatangisan ang Moab; oo, ako'y hihiyaw dahil sa buong
Moab: dahil sa mga tao ng Kir-heres ay magsisitangis sila.
32 Tatangis ako ng higit kay sa pagtangis ng Jazer dahil
sa iyo, Oh puno ng ubas ng Sibma: ang iyong mga sanga
ay nagsisidaan ng dagat, nagsisiabot hanggang sa dagat
ng Jazer: sa iyong mga bungang taginit at sa iyong ani
ay dumaluhong ang manglilipol. 33 At ang kasayahan at
kagalakan ay naalis, sa mainam na bukid at sa lupain ng
Moab; at aking pinatigil ang alak sa mga alilisan: walang
yayapak na may hiyawan; ang paghihiyawan ay hindi
magiging paghihiyawan. 34 Mula sa hiniyawan ng Hesbon
hanggang sa Eleale, hanggang sa Jajaz ay naglakas sila
ng kanilang tinig, mula sa Zoar hanggang sa Horonaim,
sa Eglat-selisiya: sapagka't ang tubig ng Nimrim man ay
masisira. 35 Bukod dito ay aking papaglilikatin sa Moab, sabi
ng Panginoon, ang naghahandog sa mataas na dako, at
nagsusunog ng kamangyan sa kaniyang mga dios. 36 Kaya't
ang aking puso ay tumutunog na gaya ng plauta dahil sa
Moab, at ang aking puso ay tumutunog na gaya ng plauta
dahil sa mga lalake sa Kir-heres: kaya't ang kasaganaan na
kaniyang tinangkilik ay napawi. 37 Sapagka't bawa't ulo ay
kalbo, at bawa't balbas ay ginupit: sa lahat ng mga kamay
ay may mga kudlit, at sa mga baywang ay may kayong
magaspang. 38 Sa lahat ng mga bubungan ng Moab at sa
mga lansangan niyaon ay may panaghoy saa't saan man;
sapagka't aking binasag ang Moab na parang sisidlan na

di kinalulugdan, sabi ng Panginoon. 39 Ano't nabagsak!
ano't tumatangis! ano't ang Moab ay tumalikod na may
kahihiyan! gayon magiging kakutyaan at kapanglupaypayan
ang Moab sa lahat na nangasa palibot niya. 40 Sapagka't
ganito ang sabi ng Panginoon: Narito, siya'y lilipad na parang
aguila, at magbubuka ng kaniyang mga pakpak laban sa
Moab. 41 Ang Cherioth ay nasakop, at ang mga katibayan
ay nasamsam, at ang puso ng mga makapangyarihang tao
ng Moab sa araw na yaon ay magiging parang puso ng
babae sa kaniyang pagdaramdam. 42 Ang Moab ay masisira
sa pagiging bayan, sapagka't siya'y nagmalaki laban sa
Panginoon. 43 Pagkatakot, at hukay, at silo, ay sasa iyo,
Oh nananahan sa Moab, sabi ng Panginoon. 44 Siyang
tumatakas sa pagkatakot ay mahuhulog sa hukay; at siyang
umahon sa hukay ay mahuhuli ng silo: sapagka't dadalhin
ko sa kaniya, sa Moab, ang taon ng pagdalaw sa kaniya,
sabi ng Panginoon. 45 Silang nagsisitakas ay nagsisitayong
walang lakas sa ilalim ng Hesbon; sapagka't ang apoy ay
lumabas sa Hesbon, at ang alab mula sa gitna ng Sihon,
at pinugnaw ang tagiliran ng Moab, at ang bao ng ulo ng
mga manggugulo. 46 Sa aba mo, Oh Moab! ang bayan ni
Chemos ay nawala; sapagka't ang iyong mga anak na lalake
ay nadalang bihag, at ang iyong mga anak na babae ay
nasok sa pagkabihag. 47 Gayon ma'y ibabalik ko uli ang
Moab na mula sa pagkabihag sa mga huling araw, sabi ng
Panginoon. Hanggang dito ang kahatulan sa Moab.

**49** Tungkol sa mga anak ni Ammon. Ganito ang sabi
ng Panginoon. Wala bagang mga anak ang Israel?
wala ba siyang tagapagmana? bakit nga minamana ni
Malcam ang Gad, at tumatahan ang kaniyang bayan sa
mga bayan niyaon? 2 Kaya't, narito, ang mga kaarawan
ay dumarating, sabi ng Panginoon, na aking iparirinig
ang kaingay ng digmaan laban sa Rabba ng mga anak
ng Ammon; at magiging isang gibang bunton, at ang
kaniyang mga anak na babae ay masusunog ng apoy: kung
magkagayo'y mga aariin ng Israel ang nagari sa kaniya,
sabi ng Panginoon. 3 Tumangis ka, Oh Hesbon, sapagka't
ang Hai ay nasamsaman; magsiiyak kayo, kayong mga
anak na babae ng Rabba, kayo'y mangagbigkis ng kayong
magaspang: kayo'y magsitaghoy, at magsitakbong paroo't
parito sa gitna ng mga bakuran; sapagka't si Malcam ay
papasok sa pagkabihag, ang kaniyang mga saserdote at
ang kaniyang mga prinsipe na magkakasama. 4 Bakit ka
nagpapakaluwalhati sa mga libis, ikaw na mainam na libis,
Oh tumatalikod na anak na babae? na tumiwala sa kaniyang
mga kayamanan, na kaniyang sinasabi, Sinong paririto sa
akin? 5 Narito, sisidlan kita ng takot, sabi ng Panginoon, ng
Panginoon ng mga hukbo, mula sa lahat na nangasa buong
palibot mo; at kayo'y mangatataboy bawa't isa na patuloy,
at walang magiipon sa kanila na nagsisitakas. 6 Nguni't
pagkatapos ay aking ibabalik na muli ang mga anak ni
Ammon mula sa pagkabihag, sabi ng Panginoon. 7 Tungkol
sa Edom. Ganito ang sabi ng Panginoon ng mga hukbo:
Wala na baga ang karunungan sa Teman? nawala baga ang
payo sa mabait? nawala baga ang kanilang karunungan? 8
Magsitakas kayo, magsibalik kayo, kayo'y magsitahan sa
kalaliman, Oh mga nananahan sa Dedan; sapagka't aking
dadalhin ang kapahamakan ng Esau sa kaniya, sa panahon
na aking dadalawin siya. 9 Kung ang mga mangaani ng
ubas ay magsidating sa iyo, hindi baga sila mangagiiwan
ng mapupulot na mga ubas? kung mga magnanakaw sa
gabi, hindi baga sila magsisigiba ng hanggang magkaroon
ng kahustuhan? 10 Nguni't aking hinubdan ang Esau,
aking inilitaw ang kaniyang mga kublihan, at siya'y hindi
makapagkukubli: ang kaniyang mga binhi ay nasira, at ang
kaniyang mga kapatid, at ang kaniyang mga kalapit, at
siya'y wala na rin. 11 Iwan mo ang iyong mga ulilang anak,
aking iingatan silang buhay: at magsitiwala sa akin ang
iyong mga babaing bao. 12 Sapagka't ganito ang sabi ng
Panginoon, Narito, silang hindi nangauukol magsiinom sa
saro ay walang pagsalang magsisiinom; at ikaw baga'y
yayaong lubos na walang parusa? ikaw ay hindi yayaon
na walang parusa, kundi walang pagsalang iinom ka. 13
Sapagka't ako'y sumumpa sa pamamagitan ng aking sarili,
sabi ng Panginoon, na ang Bosra ay magiging katigilan,
kakutyaan, kasiraan, at kasumpaan; at ang lahat ng mga
bayan niyaon ay magiging walang hanggang pagkasira. 14
Ako'y nakarinig ng mga balita na mula sa Panginoon, at
isang sugo ay sinugo sa gitna ng mga bansa, na sinasabi,
Kayo'y magpipisan, at magsiparoon laban sa kaniya, at
magsibangon sa pakikipagbaka. 15 Sapagka't, narito, ginawa
kitang maliit sa gitna ng mga bansa, at hinamak kita sa gitna
ng mga tao. 16 Tungkol sa iyong mga kakilabutan, dinaya ka
ng kapalaluan ng iyong puso, Oh ikaw na tumatahan sa
mga bitak ng bato, na humahawak sa kaitaasan ng burol:
bagaman iyong pataasin ang iyong pugad na kasingtaas ng
aguila, aking ibababa ka mula roon, sabi ng Panginoon.
17 At ang Edom ay magiging katigilan: bawa't nagdaraan
ay matitigilan, at susutsot dahil sa lahat ng salot doon.
18 Kung paano ang nangyari sa Sodoma at Gomorra, at
sa mga kalapit bayan niyaon, sabi ng Panginoon, gayon
walang lalake na tatahan doon, ni sinomang anak ng tao
ay mangingibang bayan doon. 19 Narito, siya'y sasampa
na parang leon mula sa kapalaluan ng Jordan laban sa
matibay na tahanan: sapagka't bigla kong patatakbuhin
siya mula roon; at ang mapili siya kong ihahalal sa kaniya:
sapagka't sino ang gaya ko? at sinong nagtatakda sa akin ng
panahon? at sino ang pastor na makatatayo sa harap ko? 20

Kaya't inyong dinggin ang payo ng Panginoon, na kaniyang
ipinasiya laban sa Edom; at ang kaniyang mga panukala na
kaniyang pinanukala laban sa mga nananahan sa Teman:
Tunay na itataboy sila, sa makatuwid baga'y ang mga maliit
ng kawan; tunay na kaniyang ipapahamak ang kanilang
tahanan kalakip nila. 21 Ang lupa ay nayayanig sa hugong ng
kanilang pagkabuwal; may hiyawan, na ang ingay ay naririnig
sa Dagat na Mapula. 22 Narito, siya'y sasampa at parang
aguila na lilipad, at magbubuka ng kaniyang mga pakpak
laban sa Bosra: at ang puso ng mga makapangyarihang
lalake ng Edom sa araw na yaon ay magiging parang
puso ng babae sa kaniyang pagdaramdam. 23 Tungkol
sa Damasco. Ang Hamath ay napahiya, at ang Arphad;
sapagka't sila'y nangakarinig ng mga masamang balita,
sila'y nanganglulupaypay: may kapanglawan sa dagat; hindi
maaaring tumahimik. 24 Ang Damasco ay humihina, siya'y
tumatalikod upang tumakas, at panginginig ay humahawak
sa kaniya: kalungkutan at mga kapanglawan ay sumapit
sa kaniya na gaya sa babae sa pagdaramdam. 25 Ano't
hindi pinabayaan ang bayan na kapurihan, ang bayan na
aking kagalakan? 26 Kaya't ang kaniyang mga binata ay
mangabubuwal sa kaniyang mga lansangan, at lahat ng
lalake na mangdidigma ay mangadadala sa katahimikan
sa araw na yaon, sabi ng Panginoon ng mga hukbo. 27
At ako'y magsusulsol ng apoy sa kuta ng Damasco, at
pupugnawin niyaon ang mga palacio ni Benhadad. 28
Tungkol sa Cedar, at sa mga kaharian ng Hasor na sinaktan
ni Nabucodonosor na hari sa Babilonia. Ganito ang sabi
ng Panginoon, Magsibangon kayo, magsisampa kayo sa
Cedar, at inyong lipulin ang mga anak ng silanganan. 29
Ang kanilang mga tolda at ang kanilang mga kawan ay
kanilang kukunin; kanilang kukunin para sa kanilang sarili
ang kanilang mga tabing, at lahat nilang sisidlan, at ang
kanilang mga kamelyo: at hihiyawan nila sila: Kakilabutan sa
lahat ng dako! 30 Magsitakas kayo, gumala kayo ng malayo,
magsitahan kayo sa kalaliman, Oh kayong mga nananahan
sa Hasor, sabi ng Panginoon; sapagka't kumuhang payo
si Nabucodonosor na hari sa Babilonia laban sa inyo, at
may ipinasiya laban sa inyo. 31 Magsibangon kayo, inyong
sampahin ang bansang tiwasay, na tumatahang walang
bahala, sabi ng Panginoon; na wala kahit pintuangbayan o
mga halang man, na tumatahang magisa. 32 At ang kanilang
mga kamelyo ay magiging samsam, at ang karamihan ng
kanilang kawan ay samsam: at aking pangangalatin sa lahat
ng hangin ang mga may gupit sa dulo ng kanilang buhok;
at aking dadalhin ang kanilang kasakunaan na mula sa
lahat nilang dako, sabi ng Panginoon. 33 At ang Hasor ay
magiging tahanang dako ng mga chakal, sira magpakailan
man: walang taong tatahan doon, ni sinomang anak ng tao
ay mangingibang bayan doon. 34 Ang salita ng Panginoon
na dumating kay Jeremias na propeta tungkol sa Elam
sa pagpapasimula ng paghahari ni Sedechias na hari sa
Juda, na nagsasabi, 35 Ganito ang sabi ng Panginoon ng
mga hukbo, Narito, aking babaliin ang busog ng Elam, ang
pinakapangulo ng kaniyang kapangyarihan. 36 At sa Elam ay
dadalhin ko ang apat na hangin na mula sa apat na sulok ng
langit, at aking pangangalatin sila sa lahat ng hanging yaon;
at walang bansang hindi kararatingan ng mga tapon na mula
sa Elam. 37 At aking panglulupaypayin ang Elam sa harap
ng kanilang mga kaaway, at sa harap ng nagsisiusig ng
kanilang buhay; at ako'y magdadala ng kasamaan sa kanila,
sa makatuwid baga'y ang aking mabangis na galit, sabi ng
Panginoon; at aking ipahahabol sila sa tabak, hanggang sa
malipol ko sila. 38 At aking ilalagay ang aking luklukan sa
Elam, at aking lilipulin mula roon ang hari at mga prinsipe,
sabi ng Panginoon. 39 At mangyayari sa mga huling araw, na
aking ibabalik ang pagkabihag ng Elam, sabi ng Panginoon.

**50** Ang salita na sinalita ng Panginoon tungkol sa Babilonia,
tungkol sa lupain ng mga Caldeo, sa pamamagitan ni
Jeremias na propeta. 2 Inyong ipahayag sa gitna ng mga
bansa, at inyong itanyag, at mangagtaas kayo ng watawat;
inyong itanyag, at huwag ninyong ikubli: inyong sabihin, Ang
Babilonia ay nasakop, si Bel ay nalagay sa kahihiyan, si
Merodach ay nanglulupaypay; ang kaniyang mga larawan
ay nalagay sa kahihiyan, ang kaniyang mga diosdiosan
ay nanganglupaypay. 3 Sapagka't mula sa hilagaan ay
sumasampa ang isang bansa laban sa kaniya, na sisira ng
kaniyang lupain, at walang tatahan doon: sila'y nagsitakas,
sila'y nagsiyaon, ang tao at gayon din ang hayop. 4 Sa mga
araw na yaon, at sa panahong yaon, sabi ng Panginoon, ang
mga anak ni Israel ay magsisidating, sila, at ang mga anak
ni Juda na magkakasama: sila'y magsisiyaon ng kanilang
lakad na nagsisiiyak, at hahanapin nila ang Panginoon
nilang Dios. 5 Kanilang ipagtatanong ang daan ng Sion,
na ang kanilang mga mukha ay nakaharap sa dakong
yaon, na magsasabi, Magsiparito kayo, at lumakip kayo sa
Panginoon sa walang hanggang tipan na hindi malilimutan.
6 Ang aking bayan ay naging gaya ng nawalang tupa:
iniligaw sila ng kanilang mga pastor; sila'y inilihis sa mga
bundok; sila'y nagsiparoon sa burol mula sa bundok; kanilang
nalimutan ang kanilang pahingahang dako. 7 Sinasakmal
sila ng lahat na nangakakasumpong sa kanila; at sinabi ng
kanilang mga kaaway, Kami ay walang kasalanan, sapagka't
sila'y nangagkasala laban sa Panginoon, na tatahanan ng
kahatulan, sa makatuwid baga'y sa Panginoon, na pagasa
ng kanilang mga magulang. 8 Magsitakas kayo mula sa
gitna ng Babilonia, at kayo'y magsilabas mula sa lupain ng
mga Caldeo, at kayo'y maging gaya ng mga kambing na

lalake sa harap ng mga kawan. 9 Sapagka't, narito, aking
patatayuin at pasasampahin laban sa Babilonia ang isang
kapulungan ng mga dakilang bansa na mula sa hilagaang
lupain; at sila'y magsisihanay laban sa kaniya; mula diya'y
sasakupin siya; ang kanilang mga pana ay magiging gaya
sa isang magilas na makapangyarihan; walang babalik na di
may kabuluhan. 10 At ang Caldea ay magiging samsam:
lahat na nagsisisamsam sa kaniya ay mangabubusog, sabi
ng Panginoon. 11 Sapagka't kayo ay masasaya, sapagka't
kayo'y nangagagalak, Oh kayong nagsisisamsam ng aking
mana, sapagka't kayo'y malilikot na parang babaing guyang
baka, na yumayapak ng trigo, at humahalinghing na parang
mga malakas na kabayo; 12 Ang inyong ina ay mapapahiyang
lubha; siyang nanganak sa inyo ay malilito: narito, siya'y
magiging pinakahuli sa mga bansa, isang gubatan, isang
tuyong lupain, isang ilang. 13 Dahil sa poot ng Panginoon
ay hindi tatahanan, kundi magiging lubos na sira: bawa't
magdaan sa Babilonia ay matitigilan, at susutsot dahil sa
kaniyang lahat na pagkasalot. 14 Magsihanay kayo laban sa
Babilonia sa palibot, kayong lahat na nagsisiakma ng busog;
hilagpusan ninyo siya, huwag kayong manganghinayang ng
mga pana: sapagka't siya'y nagkasala laban sa Panginoon.
15 Humiyaw ka laban sa kaniya sa palibot: siya'y sumuko
sa kaniyang sarili; ang kaniyang mga sanggalangang dako
ay nangabuwal, ang kaniyang mga kuta ay nangabagsak:
sapagka't siyang kagantihan ng Panginoon: manghiganti
kayo sa kaniya; kung ano ang kaniyang ginawa, gawin ninyo
sa kaniya. 16 Ihiwalay ninyo ang manghahasik sa Babilonia,
at siyang pumipigil ng karit sa panahon ng pagaani: dahil
sa takot sa mamimighating tabak ay babalik bawa't isa sa
kaniyang bayan, at tatakas bawa't isa sa kaniyang sariling
lupain. 17 Ang Israel ay parang nakalat na tupa; itinaboy siya
ng mga leon: ang unang sumakmal sa kaniya ay ang hari sa
Asiria; at si Nabucodonosor na hari sa Babilonia ay siyang
huling bumali ng kaniyang mga buto. 18 Kaya't ganito ang
sabi ng Panginoon ng mga hukbo, ng Dios ng Israel, Narito,
aking parurusahan ang hari sa Babilonia, at ang kaniyang
lupain, gaya ng aking pagkaparusa sa hari sa Asiria. 19
At aking dadalhin uli ang Israel sa kaniyang pastulan, at
siya'y sasabsab sa Carmel at sa Basan, at ang kaniyang
kalooban ay masisiyahan sa mga burol ng Ephraim at sa
Galaad. 20 Sa mga araw na yaon, at sa panahong yaon,
sabi ng Panginoon, ang kasamaan ng Israel ay mauusig,
at hindi magkakaroon ng anoman; at ang mga kasalanan
ng Juda, at hindi sila masusumpungan: sapagka't aking
patatawarin sila na aking iniiwan na pinakalabi. 21 Sumampa
ka laban sa lupain ng Merathaim, laban doon, at laban
sa mga nananahan sa Pekod: pumatay ka at manglipol
na lubos na manunod sa kanila, sabi ng Panginoon, at
iyong gawin ang ayon sa lahat na iniutos ko sa iyo. 22 Ang
hugong ng pagbabaka ay nasa lupain, at ang malaking
kapahamakan. 23 Ano't naputol at nabali ang pamukpok ng
buong lupa! ano't ang Babilonia ay nasira sa gitna ng mga
bansa! 24 Pinaglagyan kita ng silo, at ikaw naman ay nahuli,
Oh Babilonia, at hindi mo ginunita: ikaw ay nasumpungan at
nahuli rin, sapagka't ikaw ay nakipagtalo laban sa Panginoon.
25 Binuksan ng Panginoon ang kaniyang lalagyan ng almas,
at inilabas ang mga almas ng kaniyang pagkagalit; sapagka't
ang Panginoon, ang Panginoon ng mga hukbo, ay may
gawang gagawin sa lupain ng mga Caldeo. 26 Magsiparoon
kayo laban sa kaniya, mula sa kahulihulihang hangganan;
inyong buksan ang kaniyang mga kamalig; inyong ihagis na
parang mga bunton, at siya'y inyong siraing lubos; huwag
maiwanan siya ng anoman. 27 Inyong patayin ang lahat
niyang mga toro; pababain sila sa patayan: sa aba nila!
sapagka't ang kanilang araw ay dumating, ang araw ng
pagdalaw sa kanila. 28 Inyong dinggin ang tinig nila na
nagsisitakas at nagsisitahan mula sa lupain ng Babilonia,
upang maghayag sa Sion ng kagantihan ng Panginoon
nating Dios, ng kagantihan ng kaniyang templo. 29 Inyong
pisanin ang mga mamamana laban sa Babilonia, silang
lahat na nangagaakma ng busog; magsitayo kayo laban sa
kaniya sa palibot; huwag bayaang mangakatanan: inyong
gantihin siya ayon sa kaniyang gawa; ayon sa lahat niyang
ginawa, gawin ninyo sa kaniya; sapagka't siya'y naging
palalo laban sa Panginoon, laban sa Banal ng Israel. 30
Kaya't mabubuwal ang kaniyang mga binata sa kaniyang
mga lansangan, at ang lahat niyang lalaking mangdidigma
ay madadala sa katahimikan sa araw na yaon, sabi ng
Panginoon. 31 Narito, ako'y laban sa iyo, Oh ikaw na palalo,
sabi ng Panginoon, ng Panginoon ng mga hukbo; sapagka't
ang iyong kaarawan ay dumating, ang panahon na dadalawin
kita. 32 At ang palalo ay matitisod at mabubuwal, at walang
magbabangon sa kaniya; at ako'y magpapaningas ng apoy
sa kaniyang mga bayan, at pupugnawin niyaon ang lahat na
nangasa palibot niya. 33 Ganito ang sabi ng Panginoon ng
mga hukbo, Ang mga anak ni Israel at ang mga anak ni Juda
ay napipighating magkasama; at lahat na nagsikuhang bihag
sa kanila ay hinahawakang mahigpit sila; ayaw pawalan sila.
34 Ang Manunubos sa kanila ay malakas; ang Panginoon
ng mga hukbo ay siyang kaniyang pangalan: kaniyang
ipakikipaglabang maigi ang kanilang usap, upang mabigyan
niya ng kapahingahan ang lupa, at bagabagin ang mga
nananahan sa Babilonia. 35 Ang tabak ay nasa mga Caldeo,
sabi ng Panginoon, at sa mga nananahan sa Babilonia, at
sa kaniyang mga prinsipe, at sa kaniyang mga pantas. 36
Ang tabak ay nasa mga hambog, at sila'y mangahahangal,
ang tabak ay nasa kaniyang mga makapangyarihan, at

sila'y manganglulupaypay. **37** Ang tabak ay nasa kanilang
mga kabayo, at sa kanilang mga karo, at sa buong bayang
halohalo na nasa gitna niya; at sila'y magiging parang mga
babae; isang tabak ay nasa kaniyang mga kayamanan,
at mangananakaw; **38** Ang pagkatuyo ay nasa kaniyang
tubig, at mangatutuyo; sapagka't lupain ng mga larawang
inanyuan, at sila'y mga ulol dahil sa mga diosdiosan. **39**
Kaya't ang mga mabangis na hayop sa ilang sangpu ng mga
lobo ay magsisitahan doon, at ang avestruz ay tatahan doon:
at hindi na matatahanan kailan pa man; ni matatahanan
sa sali't saling lahi. **40** Kung paanong sinira ng Dios ang
Sodoma at Gomorra at ang mga kalapit bayan ng mga yaon,
sabi ng Panginoon, gayon hindi tatahan doon ang sinoman,
o tatahan man doon ang sinomang anak ng tao. **41** Narito,
isang bayan ay dumarating na mula sa hilagaan; at isang
malaking bansa, at maraming hari ay mangahihikayat mula
sa kaduluduluhang bahagi ng lupa. **42** Kanilang iniaakma
ang busog at ang sibat; sila'y mababagsik, at walang awa;
ang kanilang tinig ay humuhugong na parang dagat, at sila'y
nagsisisakay sa mga kabayo, bawa't isa ay humahanay na
parang lalake sa pakikipagbaka, laban sa iyo, Oh anak na
babae ng Babilonia. **43** Nabalitaan ng hari sa Babilonia ang
kabantugan nila, at ang kaniyang mga kamay ay nanghihina:
pagdadalamhati ay humawak sa kaniya, at paghihirap na
gaya ng sa isang babae sa pagdaramdam. **44** Narito, ang
kaaway ay sasampa na parang leon mula sa kapalaluan
ng Jordan laban sa matibay na tahanan: nguni't bigla kong
palalayasin sila sa kaniya; at ang mapili, siya kong ihahalal
sa kaniya: sapagka't sinong gaya ko? at sinong magtatakda
sa akin ng panahon? at sino ang pastor na tatayo sa harap
ko? **45** Kaya't inyong dinggin ang payo ng Panginoon, na
kaniyang ipinayo laban sa Babilonia; at ang kaniyang mga
pasiyang ipinasiya niya, laban sa lupain ng mga Caldeo:
Tunay na kanilang itataboy ang mga maliit sa kawan; tunay
na kaniyang ipapahamak ang kanilang tahanan pati sila. **46**
Sa ingay ng pagsakop sa Babilonia, ay nayayanig ang lupa,
at ang hiyaw ay naririnig sa mga bansa.

**51** Ganito ang sabi ng Panginoon, Narito, ako'y
magbabangon laban sa Babilonia, at laban sa
nagsisitahan sa Lebcamai, ng manggigibang hangin. **2** At
ako'y magsusugo sa Babilonia ng mga taga ibang lupa na
papalisin siya; at kanilang wawalaan ang kaniyang lupain:
sapagka't sa kaarawan ng kabagabagan ay magiging laban
sila sa kaniya sa palibot. **3** Laban sa kaniya na umaakma ay
iakma ng mangbubusog ang kaniyang busog, at sa kaniya
na nagmamataas sa kaniyang sapyaw: at huwag ninyong
patawarin ang kaniyang mga binata; inyong lipuling lubos
ang buo niyang hukbo. **4** At sila'y mangabubuwal na patay
sa lupain ng mga Caldeo, at napalagpasan sa kaniyang mga
lansangan. **5** Sapagka't ang Israel ay hindi pinababayaan, o
ang Juda man, ng kaniyang Dios, ng Panginoon ng mga
hukbo; bagaman ang kanilang lupain ay puno ng sala laban
sa Banal ng Israel. **6** Tumakas ka na mula sa gitna ng
Babilonia, at iligtas ng bawa't tao ang kaniyang buhay; huwag
kayong mangahiwalay ng dahil sa kaniyang kasamaan:
sapagka't panahon ng panghihiganti ng Panginoon; siya'y
maglalapat sa kaniya ng kagantihan. **7** Ang Babilonia ay
naging gintong tasa sa kamay ng Panginoon, na lumango
sa buong lupa: ang mga bansa ay nagsiinom ng kaniyang
alak; kaya't ang mga bansa ay nangaulol. **8** Ang Babilonia
ay biglang nabuwal at napahamak: inyong tangisan siya,
ikuha ninyo ng balsamo ang kaniyang sakit, baka sakaling
siya'y mapagaling. **9** Ibig sana nating mapagaling ang
Babilonia, nguni't siya'y hindi napagaling: pabayaan siya, at
yumaon bawa't isa sa atin sa kanikaniyang sariling lupain;
sapagka't ang kaniyang kahatulan ay umaabot hanggang
sa langit, at nataas hanggang sa mga alapaap. **10** Inilabas
ng Panginoon ang ating katuwiran: magsiparito kayo, at
ating ipahayag sa Sion, ang gawa ng Panginoon nating
Dios. **11** Inyong patalasin ang mga pana, inyong hawakang
mahigpit ang mga kalasag; pinukaw ng Panginoon ang
kalooban ng mga hari ng mga Medo; sapagka't ang kaniyang
lalang ay laban sa Babilonia, upang sirain: sapagka't siyang
panghihiganti ng Panginoon, panghihiganti ng kaniyang
templo. **12** Mangagtaas kayo ng watawat laban sa mga kuta
ng Babilonia, inyong patibayin ang bantayan, inyong lagyan
ng mga bantay, kayo'y mangaghanda ng mga pangbakay:
sapagka't ang Panginoon ay nagpanukala at gumawa rin
naman ng kaniyang sinalita tungkol sa mga nananahan
sa Babilonia. **13** Oh ikaw na tumatahan sa ibabaw ng
maraming tubig, sagana sa mga kayamanan, ang iyong
wakas ay dumating, ang sukat ng iyong kasakiman. **14** Ang
Panginoon ng mga hukbo ay sumumpa sa pamamagitan
ng kaniyang sarili, na sinasabi, Tunay na pupunuin kita
ng mga tao, na parang balang; at sila'y mangaglalakas
ng hiyaw laban sa iyo. **15** Kaniyang ginawa ang lupa
sa pamamagitan ng kaniyang kapangyarihan, kaniyang
itinatag ang sanglibutan sa pamamagitan ng kaniyang
karunungan, at sa pamamagitan ng kaniyang kaalaman ay
iniladlad niya ang langit. **16** Paglalakas niya ng kaniyang
tinig, nagkaroon ng kagulo ng tubig sa langit, at kaniyang
pinailanglang ang mga singaw mula sa mga wakas ng lupa:
kaniyang iginawa ng mga kidlat ang ulan, at inilabas ang
hangin mula sa kaniyang mga imbakan. **17** Bawa't tao ay
naging tampalasan at walang kaalaman; bawa't panday
ginto ay nalagay sa kahihiyan dahil sa kaniyang larawang
inanyuan; sapagka't ang kaniyang larawang binubo ay
kasinungalingan, at walang hinga sa mga yaon. **18** Ang mga

yaon ay walang kabuluhan, isang gawa ng karayaan: sa
panahon ng pagdalaw sa mga yaon ay mangalilipol. **19**
Ang bahagi ng Jacob ay hindi gaya ng mga ito; sapagka't
siya ang naganyo sa lahat ng bagay; at ang Israel ay
lipi ng kaniyang mana: ang Panginoon ng mga hukbo ay
kaniyang pangalan. **20** Ikaw ay aking pangbakang palakol
at mga almas na pangdigma: at sa pamamagitan mo ay
pagwawaraywarayin ko ang mga bansa; at sa pamamagitan
mo ay sisira ako ng mga kaharian; **21** At sa pamamagitan
mo ay pagwawaraywarayin ko ang kabayo at ang kaniyang
sakay; **22** At sa pamamagitan mo ay pagwawaraywarayin ko
ang karo at ang nakasakay roon; at sa pamamagitan mo
ay pagwawaraywarayin ko ang lalake at ang babae; at sa
pamamagitan mo ay pagwawaraywarayin ko ang matanda
at ang bata: at sa pamamagitan mo ay pagwawaraywarayin
ko ang binata at ang dalaga; **23** At sa pamamagitan mo
ay pagwawaraywarayin ko ang pastor at ang kaniyang
kawan; at sa pamamagitan mo ay pagwawaraywarayin ko
ang mangbubukid at ang kaniyang tuwang na mga baka;
at sa pamamagitan mo ay pagwawaraywarayin ko ang
mga tagapamahala at ang mga kinatawan. **24** At aking
ilalapat sa Babilonia at sa lahat na nananahan sa Caldea
ang buo nilang kasamaan na kanilang ginawa sa Sion
sa inyong paningin, sabi ng Panginoon. **25** Narito, ako'y
laban sa iyo, Oh mapangpahamak na bundok, sabi ng
Panginoon, na gumigiba ng buong lupa; at aking iuunat
ang aking kamay sa iyo, at pagugulungin kita mula sa
malaking bato, at gagawin kitang bundok na sunog. **26** At
hindi ka nila kukunan ng bato na panulok, o ng bato man na
mga patibayan; kundi ikaw ay magiging sira magpakailan
man, sabi ng Panginoon. **27** Mangagtaas kayo ng watawat
sa lupain, inyong hipan ang pakakak sa gitna ng mga
bansa, magsihanda ang mga bansa laban sa kaniya, pisanin
laban sa kaniya ang mga kaharian ng Ararat, ng Minmi,
at ng Aschenaz: mangaghalal ng puno laban sa kaniya;
pasampahin ang mga kabayo ng parang mga uod. **28**
Magsihanda laban sa kaniya ang mga bansa, ang mga
hari ng mga Medo, ang mga gobernador niyaon, at ang
lahat na kinatawan niyaon, at ang buong lupain na kaniyang
sakop. **29** At ang lupain ay manginginig at nasa paghihirap;
sapagka't ang mga pasiya ng Panginoon laban sa Babilonia
ay nananayo, upang sirain ang lupain ng Babilonia, na
nawalan ng mananahan. **30** Ang mga makapangyarihan ng
Babilonia ay nagsisiurong sa pakikipaglaban, sila'y nanatili
sa kanilang mga katibayan; ang kanilang kapangyarihan
ay nanglulupaypay; sila'y naging parang mga babae: ang
kaniyang mga tahanang dako ay sinilaban; ang kaniyang
mga halang ay nabali. **31** Ang isang utusan ay tatakbo upang
sumalubong sa iba, at isang sugo upang sumalubong sa iba,
upang ibalita sa hari sa Babilonia, na ang kaniyang bayan
ay nasakop sa lahat ng sulok: **32** At ang mga tawiran ay
nangasapol, at ang mga tambo ay nangasunog ng apoy, at
ang mga lalaking mangdidigma ay nangatakot. **33** Sapagka't
ganito ang sabi ng Panginoon ng mga hukbo, ng Dios ng
Israel, Ang anak na babae ng Babilonia ay parang giikan ng
panahong yaon ng niyayapakan; sangdali na lamang, at
ang panahon ng pagaani ay darating sa kaniya. **34** Nilamon
ako ni Nabucodonosor na hari sa Babilonia, kaniyang pinisa
ako, kaniyang ginawa akong sisidlan na walang laman,
ako'y sinakmal niyang parang buwaya, kaniyang binusog
ang kaniyang tiyan ng aking mga masarap na pagkain;
kaniyang itinakuwil ako. **35** Ang karahasang ginawa sa akin
at sa aking laman ay mahulog nawa sa Babilonia, sasabihin
ng taga Sion; at, Ang dugo ko ay mahulog nawa sa mga
nananahan sa Caldea, sasabihin ng Jerusalem. **36** Kaya't
ganito ang sabi ng Panginoon, Narito, aking ipakikipaglaban
ang iyong usap, at igaganti kita; at aking tutuyuin ang
kaniyang dagat, at gagawin ko siyang bukal na tuyo. **37**
At ang Babilonia ay magiging mga bunton, tahanang dako
sa mga chakal, katigilan, at kasutsutan, na mawawalan ng
mananahan. **38** Sila'y magsisiangal na magkakasama na
parang mga batang leon; sila'y magsisiangal na parang
mga anak ng leon. **39** Pagka sila'y nag-init, aking gagawin
ang kanilang kapistahan, at akin silang lalanguhin, upang
sila'y mangagalak, at patutulugin ng walang hanggang
pagtulog, at huwag mangagising, sabi ng Panginoon. **40**
Aking ibababa sila na parang mga kordero sa patayan, mga
lalaking tupa na kasama ng mga kambing na lalake. **41** Ano't
nasakop ang Sesach! at ang kapurihan ng buong lupa ay
nagitla! ano't ang Babilonia ay naging kagibaan sa gitna
ng mga bansa! **42** Ang dagat ay umapaw sa Babilonia;
siya'y natakpan ng karamihan ng mga alon niyaon. **43**
Ang kaniyang mga bayan ay nasira, tuyong lupain at ilang,
lupain na walang taong tumatahan, o dinaraanan man ng
sinomang anak ng tao. **44** At ako'y maglalapat ng kahatulan
kay Bel sa Babilonia, at aking ilalabas sa kaniyang bibig
ang kaniyang nasakmal; at ang mga bansa ay hindi na
bubugsong magkakasama pa sa kaniya: oo, ang kuta ng
Babilonia ay mababagsak. **45** Bayan ko, magsilabas kayo
sa kaniya, at lumigtas bawa't isa sa mabangis na galit ng
Panginoon. **46** At huwag manganglupaypay ang inyong puso,
o mangatakot man kayo sa balita na maririnig sa lupain;
sapagka't ang balita ay darating na isang taon, at pagkatapos
niyaon ay darating sa ibang taon ang isang balita, at ang
pangdadahas sa lupain, pinuno laban sa pinuno. **47** Kaya't
narito, ang mga araw ay dumarating, na ako'y maglalapat
ng kahatulan sa mga larawang inanyuan sa Babilonia; at
ang kaniyang buong lupain ay mapapahiya; at ang lahat ng

mapapatay sa kaniya ay mangabubulagta sa gitna niya.
48 Kung magkagayo'y ang langit at ang lupa, at lahat na
nandoon, magsisiawit dahil sa Babilonia sa kagalakan;
sapagka't ang mga manglilipol ay darating sa kaniya mula
sa hilagaan, sabi ng Panginoon. 49 Kung paanong ibinuwal
ng Babilonia ang namatay sa Israel, gayon mabubuwal
sa Babilonia ang namatay sa buong lupain. 50 Kayong
nangakatanan sa tabak, magsiyaon kayo, huwag kayong
magsitigil; inyong alalahanin ang Panginoon sa malayo,
at pasukin ang inyong pagiisip ng Jerusalem. 51 Kami ay
nangapahiya, sapagka't kami ay nangakarinig ng kakutyaan;
kalituhan ay tumakip sa aming mga mukha: sapagka't ang
mga taga ibang lupa ay pumasok sa mga santuario ng
bahay ng Panginoon. 52 Kaya't narito, ang mga kaarawan
ay dumarating, sabi ng Panginoon, na ako'y maglalapat ng
kahatulan sa kaniyang mga larawang inanyuan; at sa buong
lupain niya ay dadaing ang nasugatan. 53 Bagaman ang
Babilonia ay umilanglang hanggang sa langit, at bagaman
kaniyang patibayin ang kataasan ng kaniyang kalakasan,
gayon ma'y darating sa kaniya ang mga manglilipol na
mula sa akin, sabi ng Panginoon. 54 Ang ingay ng hiyaw
na mula sa Babilonia, at ng malaking paglipol na mula sa
lupain ng mga Caldeo! 55 Sapagka't ang Panginoon ay
nananamsam sa Babilonia, at nanglilipol doon ang dakilang
tinig; at ang mga alon ng mga yaon ay nagsisihugong na
parang maraming tubig; ang hugong ng kanilang kaingay ay
lumabas: 56 Sapagka't ang manglilipol ay dumating doon,
sa Babilonia, at ang mga makapangyarihang lalake niyaon
ay nangahuli, ang kanilang mga busog ay nagkaputolputol:
sapagka't ang Panginoon ay Dios ng mga kagantihan, siya'y
tunay na magbabayad. 57 At aking lalanguhin ang kaniyang
mga prinsipe at ang kaniyang mga pantas, ang kaniyang
mga gobernador at ang kaniyang mga kinatawan, at ang
kaniyang mga makapangyarihan; at siya'y matutulog ng
walang hanggang pagtulog, at hindi magigising, sabi ng
Hari, na ang pangalan ay ang Panginoon ng mga hukbo. 58
Ganito ang sabi ng Panginoon ng mga hukbo, Ang makapal
na kuta ng Babilonia ay lubos na magigiba, at ang kaniyang
mga mataas na pintuang-bayan ay masusunog ng apoy;
at ang mga tao ay magpapagal sa walang kabuluhan, at
ang mga bansa sa apoy; at sila'y mangapapagod. 59 Ang
salita na iniutos ni Jeremias na propeta kay Seraias na
anak ni Nerias, na anak ni Maasias, ng siya'y pumaroon sa
Babilonia na kasama ni Sedechias na hari sa Juda, nang
ikaapat na taon ng kaniyang paghahari. Si Seraias nga ay
punong bating. 60 At sinulat ni Jeremias sa isang aklat ang
lahat na kasamaan na darating sa Babilonia, ang lahat na
salitang ito na nasusulat tungkol sa Babilonia. 61 At sinabi ni
Jeremias kay Seraias, Pagdating mo sa Babilonia, iyo ngang
tingnan na iyong basahin ang lahat na mga salitang ito, 62
At iyong sabihin, Oh Panginoon, ikaw ay nagsalita tungkol
sa dakong ito, upang iyong ihiwalay, upang walang tumahan
doon, maging tao o hayop man, kundi masisira magpakailan
man. 63 At mangyayari, pagkatapos mong bumasa ng aklat
na ito, na iyong tatalian ng bato, at ihahagis mo sa gitna
ng Eufrates: 64 At iyong sasabihin, Ganito lulubog ang
Babilonia, at hindi lilitaw uli dahil sa kasamaan na aking
dadalhin sa kaniya; at sila'y mapapagod. Hanggang dito ang
mga salita ni Jeremias.

**52** Si Sedechias ay dalawang pu't isang taon nang siya'y
magpasimulang maghari; at siya'y nagharing labing
isang taon sa Jerusalem: at ang pangalan ng kaniyang
ina ay Hamutal, na anak ni Jeremias na taga Libna. 2
At siya'y gumawa ng masama sa paningin ng Panginoon,
ayon sa lahat na ginawa ni Joacim. 3 Sapagka't dahil sa
galit ng Panginoon ay nangyari yaon sa Jerusalem at sa
Juda, hanggang sa kaniyang napalayas sila sa kaniyang
harapan. At si Sedechias ay nanghimagsik laban sa hari sa
Babilonia. 4 At nangyari, nang ikasiyam na taon ng kaniyang
paghahari, nang ikasangpung buwan, nang ikasangpung
araw ng buwan, na si Nabucodonosor na hari sa Babilonia
ay dumating, siya at ang kaniyang buong hukbo, laban sa
Jerusalem, at humantong laban doon; at sila'y nangagtayo
ng mga katibayan laban doon sa palibot. 5 Sa gayo'y
nakubkob ang bayan hanggang sa ikalabing isang taon ng
haring Sedechias. 6 Nang ikaapat na buwan nang ikasiyam
na araw ng buwan, ang kagutom ay mahigpit sa bayan
na anopa't walang tinapay para sa bayan ng lupain. 7
Nang magkagayo'y nagkasira sa kuta ng bayan, at lahat ng
lalaking mangdidigma ay nagsitakas, at nagsilabas sa bayan
nang kinagabihan, sa daan ng pintuang-bayan sa pagitan ng
dalawang kuta, na nasa tabi ng halamanan ng hari (ang mga
Caldeo nga ay naging laban sa bayan sa palibot); at sila'y
nagsiyaon sa daan ng Araba. 8 Nguni't hinabol ng hukbo
ng mga Caldeo ang hari, at inabot si Sedechias sa mga
kapatagan ng Jerico; at ang buo niyang hukbo ay nangalat na
napahiwalay sa kaniya. 9 Nang magkagayo'y kanilang hinuli
ang hari, at dinala nila siya sa hari sa Babilonia sa Ribla, sa
lupain ng Hamath; at siya'y nilapatan niya ng kahatulan. 10
At pinatay ng hari sa Babilonia ang mga anak ni Sedechias
sa harap ng kaniyang mga mata: kaniyang pinatay rin ang
lahat na prinsipe ng Juda sa Ribla. 11 At kaniyang binulag
ang mga mata ni Sedechias; at ginapos siya ng tanikalang
tanso ng hari sa Babilonia, at dinala siya sa Babilonia, at
inilagay siya sa bilangguan hanggang sa araw ng kaniyang
pagkamatay. 12 Nang ikalimang buwan nga sa ikasangpung
araw ng buwan, na siyang ikalabing siyam na taon ng haring
Nabucodonosor, na hari sa Babilonia, dumating sa loob ng

Jerusalem si Nabuzaradan na kapitan ng bantay, na tumayo
sa harap ng hari sa Babilonia. **13** At kaniyang sinunog ang
bahay ng Panginoon, at ang bahay ng hari; at lahat ng mga
bahay sa Jerusalem, sa makatuwid baga'y bawa't malaking
bahay, sinunog niya ng apoy. **14** At ang buong hukbo ng
mga Caldeo na kasama ng kapitan ng bantay, nagbagsak ng
lahat ng kuta sa Jerusalem sa palibot. **15** Nang magkagayo'y
dinalang bihag ni Nabuzaradan na kapitan ng bantay ang
mga dukha sa bayan, at ang nalabi sa mga tao na naiwan
sa bayan, at yaong mga takas, na nagsitakas sa hari sa
Babilonia, at ang nalabi sa karamihan. **16** Nguni't nagiwan si
Nabuzaradan na kapitan ng bantay, sa mga dukha sa lupain
upang maging mga manguubasan at mga mangbubukid. **17**
At ang mga haliging tanso na nangasa bahay ng Panginoon,
ang mga tungtungan, at ang dagatdagatan na tanso na nasa
bahay ng Panginoon, pinagputolputol ng mga Caldeo, at
dinala ang lahat na tanso ng mga yaon sa Babilonia. **18**
Ang mga palayok naman, at ang mga pala, at ang mga
gunting, at ang mga mankok, at ang mga kuchara, at lahat
na sisidlan na tanso, na kanilang ipinangangasiwa, dinala
nila. **19** At ang mga saro, at ang mga apuyan, at ang mga
mankok, at ang mga palayok, at ang mga kandelero, at ang
mga kuchara, at ang mga tasa, ang ginto sa ginto, at ang
pilak sa pilak, dinala ng kapitan ng bantay. **20** Ang dalawang
haligi, ang dagatdagatan, at ang labing dalawang torong
tanso na nangasa ilalim ng mga tungtungan, na ginawa ng
haring Salomon na ukol sa bahay ng Panginoon, ang tanso
ng lahat ng sisidlang ito ay walang timbang. **21** At tungkol sa
mga haligi, ang taas ng isang haligi ay labing walong siko; at
isang pisi na labing dalawang siko ay naililibid doon; at ang
kapal niyao'y apat na daliri: may guwang. **22** At isang kapitel
na tanso ay nasa ibabaw niyaon; at ang taas ng isang kapitel
ay limang siko, na yaring nilambat at may mga granada sa
kapitel sa palibot, taganas na tanso: at ang ikalawang haligi
naman ay mayroong gaya ng mga ito, at mga granada.
**23** At mayroong siyam na pu't anim na granada sa mga
tagiliran; lahat na granada ay isang daan na yaring nilambat
sa palibot. **24** At kinuha ng kapitan ng bantay si Seraias
na pangulong saserdote, at si Sophonias na ikalawang
saserdote, at ang tatlong tagatanod-pinto: **25** At sa bayan ay
kinuha niya ang isang oficial na inilagay niya sa mga lalaking
mangdidigma; at pitong lalake sa kanila na nangakakita ng
mukha ng hari, na nasumpungan sa bayan; at ang kalihim ng
kapitan ng hukbo, na pumipisan ng bayan ng lupain, at anim
na pung katao sa bayan ng lupain, na nangasumpungan sa
gitna ng bayan. **26** At dinala sila ni Nabuzaradan na kapitan
ng bantay, at dinala sila sa hari sa Babilonia sa Ribla. **27**
At sinaktan sila ng hari sa Babilonia, at ipinapatay sila sa
Ribla, sa lupain ng Hamath. Gayon nadalang bihag ang
Juda, mula sa kaniyang lupain. **28** Ito ang bayan na dinalang
bihag ni Nabucodonosor nang ikapitong taon, tatlong libo at
dalawang pu't tatlong Judio: **29** Nang ikalabingwalong taon
ni Nabucodonosor ay nagdala siya ng bihag na mula sa
Jerusalem na walong daan at tatlong pu't dalawang tao: **30**
Nang ikadalawang pu't tatlong taon ni Nabucodonosor ay
nagdala ng bihag sa mga Judio si Nabuzaradan na kapitan
ng bantay na pitong daan at apat na pu't limang tao: lahat
na tao ay apat na libo at anim na raan. **31** At nangyari, nang
ikatatlong pu't pitong taon ng pagkabihag kay Joacim na hari
sa Juda, nang ikalabing dalawang buwan, nang ikadalawang
pu't limang araw ng buwan, na si Evil-merodach na hari sa
Babilonia, nang unang taon ng kaniyang paghahari, nagtaas
ng ulo ni Joacim na hari sa Juda, at inilabas niya siya sa
bilangguan; **32** At siya'y nagsalitang may kagandahang-
loob sa kaniya, at inilagay ang kaniyang luklukan na lalong
mataas kay sa luklukan ng mga hari na kasama niya sa
Babilonia. **33** At kaniyang binago ang kaniyang mga damit
na pagkabihag. At si Joacim ay laging kumain ng tinapay sa
harap niya sa lahat ng kaarawan ng kaniyang buhay. **34**
At tungkol sa kaloob sa kaniya, may palaging kaloob na
ibinibigay sa kaniya ang hari sa Babilonia, bawa't araw isang
bahagi ng pagkain hanggang sa kaarawan ng kaniyang
kamatayan, lahat ng kaarawan ng kaniyang buhay.

# Panaghoy

1 Ano't nakaupong magisa ang bayan na puno ng mga
tao! Siya'y naging parang isang bao, na naging dakila sa
gitna ng mga bansa! Siya na naging prinsesa sa gitna ng
mga lalawigan, ay naging mamumuwis! 2 Siya'y umiiyak
na lubha sa gabi, at ang mga luha niya ay dumadaloy sa
kaniyang mga pisngi; sa lahat ng mangingibig sa kaniya
ay walang umaliw sa kaniya: ginawan siya ng kataksilan
ng lahat ng kaniyang mga kaibigan; sila'y naging kaniyang
mga kaaway. 3 Ang Juda ay pumasok sa pagkabihag
dahil sa pagdadalamhati, at sa kabigatan ng paglilingkod;
siya'y tumatahan sa gitna ng mga bansa, siya'y walang
masumpungang kapahingahan; inabot siya ng lahat na
manghahabol sa kaniya sa mga gipit. 4 Ang mga daan
ng Sion ay nangagluluksa, sapagka't walang pumaparoon
sa takdang kapulungan; lahat niyang pintuang-bayan ay
giba, ang mga saserdote niya'y nangagbubuntong-hininga:
ang mga dalaga niya ay nangagdadalamhati, at siya'y nasa
kahapisan. 5 Ang kaniyang mga kalaban ay naging pangulo,
ang kaniyang mga kaaway ay nagsiginhawa; sapagka't
pinagdalamhati siya ng Panginoon dahil sa karamihan ng
kaniyang mga pagsalangsang: ang kaniyang mga batang
anak ay pumasok sa pagkabihag sa harap ng kalaban. 6
At nawala ang buong kamahalan ng anak na babae ng
Sion: ang kaniyang mga prinsipe ay naging parang mga
usa na hindi makasumpong ng pastulan, at nagsiyaong
walang lakas sa harap ng manghahabol. 7 Naaalaala ng
Jerusalem sa kaarawan ng kaniyang pagdadalamhati at ng
kaniyang mga karalitaan ang lahat niyang naging maligayang
bagay ng mga kaarawan nang una: nang mahulog ang
kaniyang bayan sa kamay ng kalaban, at walang sumaklolo
sa kaniya, nakita siya ng mga kalaban, tinuya nila ang
kaniyang mga pagkasira. 8 Ang Jerusalem ay lubhang
nagkasala; kaya't siya'y naging parang maruming bagay;
lahat ng nangagparangal sa kaniya ay humahamak sa
kaniya, sapagka't kanilang nakita ang kaniyang kahubaran:
Oo, siya'y nagbubuntong-hininga, at tumatalikod. 9 Ang
kaniyang karumihan ay nasa kaniyang mga laylayan; hindi
niya naalaala ang kaniyang huling wakas; kaya't siya'y
nababa ng katakataka; siya'y walang mangaaliw; masdan
mo, Oh Panginoon, ang aking pagdadalamhati; sapagka't
ang kaaway ay nagmalaki. 10 Iginawad ng kalaban ang
kaniyang kamay sa lahat niyang maligayang bagay; sapagka't
nakita niya na ang mga bansa ay pumasok sa kaniyang
santuario, yaong mga inutusan mo na huwag magsipasok sa
iyong kapisanan. 11 Buong bayan niya ay nagbubuntong-
hininga, sila'y nagsisihanap ng tinapay; ibinigay nila ang
kanilang mga maligayang bagay na kapalit ng pagkain upang
paginhawahin ang kaluluwa. Iyong tingnan, Oh Panginoon, at
masdan mo; sapagka't ako'y naging hamak. 12 Wala bagang
anoman sa inyo, sa inyong lahat na nagsisipagdaan? Inyong
masdan, at inyong tingnan kung may anomang kapanglawan
na gaya ng aking kapanglawan, na nagawa sa akin, na
idinalamhati sa akin ng Panginoon sa kaarawan ng kaniyang
mabangis na galit. 13 Mula sa itaas ay nagsugo siya ng
apoy sa aking mga buto, at mga pinananaigan; kaniyang
ipinagladlad ng silo ang aking mga paa, kaniyang ibinalik
ako: kaniyang ipinahamak ako at pinapanglupaypay buong
araw. 14 Pamatok ng aking mga pagsalangsang ay hinigpit
ng kaniyang kamay; mga nagkalakiplakip, nagsiabot sa
aking leeg; kaniyang pinanglupaypay ang aking kalakasan:
ibinigay ako ng Panginoon sa kanilang mga kamay, laban
sa mga hindi ko matatayuan. 15 Iniuwi ng Panginoon sa
wala ang lahat na aking mga makapangyarihang lalake sa
gitna ko; siya'y tumawag ng isang takdang kapulungan laban
sa akin upang pagwaraywarayin ang aking mga binata:
niyapakan ng Panginoon na parang pisaan ng ubas ang
anak na dalaga ng Juda. 16 Dahil sa mga bagay na ito ay
umiiyak ako; ang mata ko, ang mata ko ay dinadaluyan ng
luha; sapagka't ang mangaaliw na marapat magpaginhawa
ng aking kaluluwa ay malayo sa akin: ang mga anak ko
ay napahamak, sapagka't nanaig ang kaaway. 17 Iginawad
ng Sion ang kaniyang mga kamay; walang umaliw sa
kaniya; nagutos ang Panginoon tungkol sa Jacob, na silang
nangasa palibot niya ay magiging kaniyang mga kalaban:
ang Jerusalem ay parang maruming bagay sa gitna nila. 18
Ang Panginoon ay matuwid; sapagka't ako'y nanghimagsik
laban sa kaniyang utos: inyong pakinggan, isinasamo ko
sa inyo, ninyong lahat na bayan, at inyong masdan ang
aking kapanglawan: ang aking mga dalaga at ang aking
mga binata ay pumasok sa pagkabihag. 19 Aking tinawagan
ang mga mangingibig sa akin, nguni't dinaya nila: nalagot
ang hininga ng aking mga saserdote at ng aking mga
matanda sa bayan, habang nagsisihanap sila ng pagkain
upang paginhawahin ang kanilang kaluluwa. 20 Masdan
mo, Oh Panginoon; sapagka't ako'y nasa kapanglawan;
ang aking puso ay namamanglaw; ang aking puso ay
nagugulumihanan; sapagka't ako'y lubhang nanghimagsik:
sa labas ay tabak ang lumalansag, sa loob ay may parang
kamatayan. 21 Nabalitaan nila na ako'y nagbubuntong-
hininga; walang umaliw sa akin; Lahat ng aking mga kaaway
ay nangakarinig ng aking kabagabagan; sila'y nangatuwa
na iyong ginawa: iyong pararatingin ang araw na iyong
itinanyag, at sila'y magiging gaya ko. 22 Magsidating nawa
ang lahat nilang kasamaan sa harap mo; at gawin mo sa
kanila, ang gaya ng ginawa mo sa akin dahil sa lahat kong

mga pagsalangsang: sapagka't ang aking mga buntong-
hininga ay marami, at ang aking puso ay nanglulupaypay.

2 Ano't tinakpan ng Panginoon ang anak na babae ng Sion
ng alapaap sa kaniyang galit! Kaniyang inihagis mula
sa langit hanggang sa lupa ang kagandahan ng Israel, at
hindi inalaala ang kaniyang tungtungan ng paa sa kaarawan
ng kaniyang galit. 2 Nilamon ng Panginoon ang lahat na
tahanan ng Jacob, at siya'y hindi naawa: Kanyang ibinagsak
sa kaniyang poot ang mga katibayan ng anak na babae ng
Juda; kaniyang inilugmok ang mga yaon sa lupa: kaniyang
ipinahamak ang kaharian at ang mga prinsipe niyaon. 3
Kaniyang inihiwalay sa pamamagitan ng mabangis na galit
ang buong sungay ng Israel; kaniyang iniurong ang kaniyang
kanang kamay sa harap ng kaaway: at kaniyang sinilaban
ang Jacob na parang maalab na apoy, na namumugnaw
sa palibot. 4 Kaniyang iniakma ang kaniyang busog na
parang kaaway, kaniyang iniyamba ang kaniyang kanan
na parang kalaban, at pinatay ang lahat na maligaya sa
mata: sa tolda ng anak na babae ng Sion ay kaniyang
ibinuhos ang kaniyang kapusukan na parang apoy. 5 Ang
Panginoon ay naging parang kaaway, kaniyang nilamon ang
Israel; kaniyang nilamon ang lahat niyang palacio, kaniyang
iginiba ang kaniyang mga katibayan; at kaniyang pinarami
sa anak na babae ng Juda ang panangis at panaghoy. 6 At
kaniyang inalis na may karahasan ang tabernakulo niya na
gaya ng nasa halamanan; kaniyang sinira ang kaniyang mga
dako ng kapulungan: ipinalimot ng Panginoon ang takdang
kapulungan at sabbath sa Sion, at hinamak sa pagiinit ng
kaniyang galit ang hari at ang saserdote. 7 Iniwasak ng
Panginoon ang kaniyang dambana, kaniyang kinayamutan
ang kaniyang santuario; kaniyang ibinigay sa kamay ng
kaaway ang mga pader ng kaniyang mga palacio: sila'y
nangagingay sa bahay ng Panginoon, na parang kaarawan
ng takdang kapulungan. 8 Ipinasiya ng Panginoon na gibain
ang kuta ng anak na babae ng Sion; kaniyang iniladlad
ang lubid, hindi niya iniurong ang kaniyang kamay sa
paggiba: at kaniyang pinapanaghoy ang moog at ang kuta;
nanganglulupaypay kapuwa. 9 Ang kaniyang mga pintuang-
bayan ay nangabaon sa lupa; kaniyang giniba at nasira ang
kaniyang mga halang: ang kaniyang hari at ang kaniyang
mga prinsipe ay nangasa gitna ng mga bansa na hindi
kinaroroonan ng kautusan; Oo, ang kaniyang mga propeta ay
hindi nangakakasumpong ng pangitaing mula sa Panginoon.
10 Ang mga matanda ng anak na babae ng Sion ay
nangauupo sa lupa, sila'y nagsisitahimik; sila'y nangagsabog
ng alabok sa kanilang mga ulo; sila'y nangagbigkis ng
kayong magaspang: itinungo ng mga dalaga sa Jerusalem
ang kanilang mga ulo sa lupa. 11 Pinangangalumata ng mga
luha ang aking mga mata, namamanglaw ang aking puso,
ako'y lubhang nahahapis, dahil sa pagkapahamak ng anak
na babae ng aking bayan, dahil sa ang mga bata at ang
mga pasusuhin ay nanganglulupaypay sa mga lansangan
ng bayan. 12 Kanilang sinasabi sa kanilang mga ina, saan
nandoon ang trigo at alak? Pagka sila'y nanganglulupaypay
na parang sugatan sa mga lansangan sa bayan, pagka
ang kanilang kaluluwa ay nanglulupaypay sa kandungan ng
kanilang mga ina. 13 Ano ang aking patototohanan sa iyo?
sa ano kita iwawangis, Oh anak na babae ng Jerusalem?
Ano ang ihahalintulad ko sa iyo, upang maaliw kita, Oh
anak na dalaga ng Sion? Sapagka't ang iyong sira ay
malaking parang dagat: sinong makapagpapagaling sa iyo?
14 Ang iyong mga propeta ay nakakita para sa iyo ng mga
pangitain na walang kabuluhan at kamangmangan; at hindi
nila inilitaw ang iyong kasamaan, upang bawiin ang iyong
pagkabihag, kundi nakarinig para sa iyo ng mga hulang
walang kabuluhan at mga kadahilanan ng pagkatapon. 15
Lahat na nangagdaraan ay ipinapakpak ang kanilang kamay
sa iyo; sila'y nagsisisutsot at iginagalaw ang kanilang ulo
sa anak na babae ng Jerusalem, na sinasabi, Ito baga
ang bayan na tinatawag ng mga tao Ang kasakdalan ng
kagandahan, Ang kagalakan ng buong lupa? 16 Ibinukang
maluwang ng lahat mong kaaway ang kanilang bibig laban
sa iyo: sila'y nagsisisutsot at nagsisipagngalit ng ngipin;
kanilang sinasabi, Aming nilamon siya; tunay na ito ang
kaarawan na aming hinihintay; aming nasumpungan, aming
nakita. 17 Ginawa ng Panginoon ang kaniyang ipinasiya;
kaniyang tinupad ang kaniyang salita na kaniyang iniutos
nang mga kaarawan nang una; kaniyang ibinagsak, at hindi
naawa: at kaniyang pinapagkatuwa sa iyo ang kaaway;
kaniyang pinataas ang sungay ng iyong mga kalaban. 18
Ang kanilang puso ay nagsisidaing sa Panginoon: Oh kuta
ng anak na babae ng Sion, dumaloy ang mga luha na parang
ilog araw at gabi; huwag kang magpahinga; huwag maglikat
ang itim ng iyong mata. 19 Bumangon ka, humiyaw ka sa
gabi, sa pasimula ng mga pagpupuyat; ibuhos mo ang iyong
puso na parang tubig sa harap ng mukha ng Panginoon:
igawad mo ang iyong mga kamay sa kaniya dahil sa buhay
ng iyong mga batang anak, na nanglulupaypay sa gutom sa
dulo ng lahat na lansangan. 20 Tingnan mo, Oh Panginoon,
at masdan mo, kung kanino mo ginawa ang ganito! Kakanin
baga ng mga babae ang kanilang ipinanganak, ang mga
anak na kinakalong sa mga kamay? Papatayin baga ang
saserdote at ang propeta sa santuario ng Panginoon? 21
Ang binata at ang matanda ay humihiga sa lupa sa mga
lansangan; ang aking mga dalaga at ang aking mga binata
ay nangabuwal sa tabak: iyong pinatay sila sa kaarawan ng
iyong galit; iyong pinatay at hindi ka naawa. 22 Tinawag mo,
gaya ng sa kaarawan ng takdang kapulungan, ang aking

mga kakilabutan ay sa bawa't dako; at walang nakatanan, o
nalabi sa kaarawan ng galit ng Panginoon: yaong aking mga
kinalong at pinalaki ay nilipol ng aking kaaway.

**3** Ako ang tao na nakakita ng pagdadalamhati sa pamalo ng
iyong poot. **2** Ako'y kaniyang pinatnubayan at pinalakad
sa kadiliman, at hindi sa liwanag. **3** Tunay na laban sa akin
ay kaniyang iginagalaw ang kaniyang kamay na muli't muli
buong araw. **4** Ang aking laman at aking balat ay pinatanda
niya; kaniyang binali ang aking mga buto. **5** Ako'y kinalaban
niya, at kinulong ako ng hirap at pagdaramdam. **6** Kaniyang
pinatahan ako sa mga madilim na dako, gaya ng nangamatay
nang malaon. **7** Kaniyang binakuran ako na anopa't ako'y
hindi makalabas; kaniyang pinabigat ang aking tanikala. **8**
Oo, pagka ako'y dumadaing, at humihinging tulong, kaniyang
pinagsasarhan ang aking daing. **9** Kaniyang binakuran ang
aking mga daan ng tinabas na bato, kaniyang iniliko ang
aking mga landas. **10** Siya'y parang oso na nagaabang
sa akin, parang leon sa mga kubling dako. **11** Kaniyang
iniligaw ang aking mga lakad, at ako'y pinagwaraywaray
niya; kaniyang ipinahamak ako; **12** Kaniyang iniakma ang
kaniyang busog, at ginawa akong pinaka tanda sa pana. **13**
Ang mga pana ng kaniyang lalagyan ng pana ay kaniyang
isinasaksak sa aking mga bato ng katawan. **14** Ako'y naging
kakutyaan sa aking buong bayan, at kanilang awit buong
araw. **15** Kaniyang pinuspos ako ng kapanglawan, kaniyang
sinuya ako ng ajenjo. **16** Kaniya namang biningot ang aking
mga ngipin ng mga maliliit na grava; kaniyang tinabunan
ako ng mga abo. **17** At iyong inilayo ang aking kaluluwa
sa kapayapaan; ako'y nakalimot ng kaginhawahan. **18** At
aking sinabi, Ang lakas ko'y nawala, at ang aking pagasa sa
Panginoon. **19** Alalahanin mo ang aking pagdadalamhati
at ang aking karalitaan, ang ajenjo at ng apdo. **20** Ang
kaluluwa ko'y naaalaala pa nila, at napangumbaba sa loob
ko. **21** Ito ang ginugunita ko sa aking pagiisip; kaya't may
pagasa ako. **22** Sa mga kaawaan nga ng Panginoon ay hindi
tayo nalipol, sapagka't ang kaniyang mga habag ay hindi
nauubos. **23** Ang mga yao'y bago tuwing umaga, dakila
ang inyong pagtatapat. **24** Ang Panginoon ay aking bahagi,
sabi ng aking kaluluwa; kaya't ako'y aasa sa kaniya. **25**
Ang Panginoon ay mabuti sa kanila na nangaghihintay sa
kaniya, sa kaluluwa na humahanap sa kaniya. **26** Mabuti
nga na ang tao ay umasa at maghintay na tahimik sa
pagliligtas ng Panginoon. **27** Mabuti nga sa tao na magpasan
ng pamatok sa kaniyang kabataan. **28** Maupo siyang
magisa at tumahimik, sapagka't kaniyang iniatang sa kaniya.
**29** Sumubsob siya sa alabok, kung gayo'y magkakaroon
siya ng pagasa. **30** Ibigay niya ang kaniyang pisngi sa
sumasakit sa kaniya; mapuspos siya ng kadustaan. **31**
Sapagka't ang Panginoon ay hindi magtatakuwil magpakailan
man. **32** Sapagka't bagaman siya'y nagpapapanglaw, gayon
ma'y magpapakita siya ng habag ayon sa kasaganaan ng
kaniyang mga kaawaan. **33** Sapagka't siya'y hindi kusang
dumadalamhati, o nagpapapanglaw man sa mga anak ng
mga tao. **34** Na yapakan sa ilalim ng paa ang lahat ng bihag
sa lupa. **35** Na iliko ang matuwid ng tao sa harap ng mukha
ng Kataastaasan, **36** Na iligaw ang tao sa kaniyang usap,
hindi kinalulugdan ng Panginoon. **37** Sino siya na nagsasabi,
at nangyayari, kung hindi iniuutos ng Panginoon? **38** Hindi
baga sa bibig ng Kataastaasan nanggagaling ang masama't
mabuti? **39** Bakit dumadaing ang taong may buhay, ang
tao dahil sa parusa sa kaniyang mga kasalanan? **40** Ating
usisain at suriin ang ating mga lakad, at manumbalik sa
Panginoon. **41** Igawad natin ang ating puso sangpu ng ating
mga kamay sa Dios sa langit. **42** Kami ay sumalangsang
at nanghimagsik; ikaw ay hindi nagpatawad. **43** Tinakpan
mo ang iyong sarili ng galit at hinabol mo kami; ikaw ay
pumatay, ikaw ay hindi naawa. **44** Tinakpan mo ang iyong
sarili ng alapaap, na anopa't hindi makadaan ang anomang
panalangin. **45** Iyong ginawa kaming parang tapon at dumi sa
gitna ng mga bayan. **46** Ibinukang maluwang ng lahat naming
kaaway ang kanilang bibig laban sa amin. **47** Takot at ang
hukay ay dumating sa amin, ang pagkasira at pagkagiba.
**48** Ang mata ko'y dumadaloy ng mga ilog ng tubig, dahil
sa pagkapahamak ng anak na babae ng aking bayan. **49**
Ang mata ko'y dinadaluyan at hindi naglilikat, na walang
pagitan. **50** Hanggang sa ang Panginoon ay tumungo, at
tumingin mula sa langit. **51** Kinikilos ng aking mata ang aking
kaluluwa, dahil sa lahat na anak na babae ng aking bayan.
**52** Lubha nila akong hinahabol na parang ibon, na mga
kaaway kong walang kadahilanan. **53** Kanilang pinaikli ang
aking buhay sa bilangguan at hinagis ako ng bato. **54** Tubig
ay nagsisihuho sa aking ulo; aking sinabi, Ako'y nahiwalay.
**55** Ako'y tumawag sa iyong pangalan, Oh Panginoon, mula
sa kababababaang hukay. **56** Iyong dininig ang aking tinig;
huwag mong ikubli ang iyong pakinig sa aking hingal, sa
aking daing. **57** Ikaw ay lumapit sa araw na ako'y tumawag
sa iyo; iyong sinabi, Huwag kang matakot. **58** Oh Panginoon,
iyong ipinagsanggalang ang mga usap ng aking kaluluwa;
iyong tinubos ang aking buhay. **59** Oh Panginoon, iyong
nakita ang aking pagkakamali; hatulan mo ang aking usap.
**60** Iyong nakita ang lahat nilang panghihiganti, at ang lahat
nilang pasiya laban sa akin. **61** Iyong narinig ang kanilang
pagduwahagi, Oh Panginoon, at lahat nilang pasiya laban sa
akin, **62** Ang mga labi ng nagsisibangon laban sa akin, at
ang kanilang pasiya laban sa akin buong araw. **63** Masdan
mo ang kanilang pagupo, at ang kanilang pagtayo; ako
ang kanilang awit. **64** Ikaw ay magbibigay sa kanila ng
kagantihan, Oh Panginoon, ayon sa gawa ng kanilang mga

kamay. 65 Iyong papagmamatigasin ang kanilang puso, ang
iyong sumpa sa kanila. 66 Iyong hahabulin sila sa galit, at
iyong lilipulin sila mula sa silong ng langit ng Panginoon.

4 Ano't ang ginto ay naging malabo! Ano't ang pinakadalisay
na ginto ay nagbago! Ang mga bato ng santuario ay
natapon sa dulo ng lahat na lansangan. 2 Ang mga
mahalagang anak ng Sion, na katulad ng dalisay na ginto,
ano't pinahahalagahan na waring mga sisidlang lupa, na
gawa ng mga kamay ng magpapalyok! 3 Maging ang
mga chakal ay naglalabas ng suso, nangagpapasuso sa
kanilang mga anak: ang anak na babae ng aking bayan
ay naging mabagsik, parang mga avestruz sa ilang. 4 Ang
dila ng sumususong bata ay nadidikit sa ngalangala ng
kaniyang bibig dahil sa uhaw: ang mga munting bata ay
nagsisihingi ng tinapay, at walang taong magpuputol nito sa
kanila. 5 Silang nagsisikaing mainam ay nangahandusay
sa mga lansangan: silang nagsilaki sa matingkad na pula
ay nagsisihiga sa mga tapunan ng dumi. 6 Sapagka't ang
kasamaan ng anak na babae ng aking bayan ay lalong
malaki kay sa kasalanan ng Sodoma, na nagiba sa isang
sangdali, at walang mga kamay na humawak sa kaniya. 7
Ang kaniyang mga mahal na tao ay lalong malinis kay sa
nieve, mga lalong maputi kay sa gatas; sila'y lalong mapula
sa katawan kay sa mga rubi, ang kanilang kinis ay parang
zafiro. 8 Ang kanilang anyo ay lalong maitim kay sa uling;
sila'y hindi makilala sa mga lansangan: ang kanilang balat
ay naninikit sa kanilang mga buto; natutuyo, nagiging parang
tungkod. 9 Silang napatay ng tabak ay maigi kay sa kanila na
napatay ng gutom; sapagka't ang mga ito ay nagsisihapay,
na napalagpasan, dahil sa pangangailangan ng mga bunga
sa parang. 10 Ang mga kamay ng mga mahabaging babae
ay nangagluto ng kanilang sariling mga anak; mga naging
kanilang pagkain sa pagkapahamak ng anak na babae
ng aking bayan. 11 Ginanap ng Panginoon ang kaniyang
kapusukan, kaniyang ibinugso ang kaniyang mabangis na
galit; at siya'y nagpaalab ng apoy sa Sion, na pumugnaw ng
mga patibayan niyaon. 12 Ang mga hari sa lupa ay hindi
nanganiwala, o ang lahat mang nananahan sa sanglibutan,
na ang kaaway at kalaban ay papasok sa mga pintuang-
bayan ng Jerusalem. 13 Dahil nga sa mga kasalanan ng
kaniyang mga propeta, at sa mga kasamaan ng kaniyang
mga saserdote, na nagbubo ng dugo ng mga ganap sa gitna
niya. 14 Sila'y nagsisikapa sa mga lansangan na parang
mga bulag, sila'y nangadudumhan ng dugo, na anopa't hindi
mahipo ng mga tao ang kanilang mga suot. 15 Magsihiwalay
kayo, sila'y nagsisihiyaw sa kanila, Marurumi! magsihiwalay
kayo, magsihiwalay kayo, huwag ninyong hipuin: nang sila'y
magsitakas at magsilaboy ay sinabi ng mga tao sa gitna ng
mga bansa, Hindi na sila nangingibang bayan pa rito. 16
Pinangalat sila ng galit ng Panginoon; sila'y hindi na niya
lilingapin pa. Hindi nila iginagalang ang mga pagkatao ng
mga saserdote, hindi nila pinakukundanganan ang mga
matanda. 17 Ang aming mga mata ay nangangalumata dahil
sa aming paghihintay ng walang kabuluhang tulong: sa
aming paghihintay ay nangaghihintay kami sa isang bansa
na hindi makapagligtas. 18 Kanilang inaabangan ang aming
mga hakbang, upang huwag kaming makayaon sa aming
mga lansangan: ang aming wakas ay malapit na, ang aming
mga kaarawan ay nangaganap; sapagka't ang aming wakas
ay dumating. 19 Ang mga manghahabol sa amin ay lalong
maliliksi kay sa mga aguila sa himpapawid: kanilang hinabol
kami sa mga bundok, kanilang binakayan kami sa ilang. 20
Ang hinga ng aming mga butas ng ilong, ang pinahiran ng
Panginoon ay nahuli sa kanilang mga hukay; na siya naming
pinagsasabihan, sa kaniyang mga lilim ay mabubuhay kami
sa mga bansa. 21 Ikaw ay magalak at matuwa Oh anak na
babae ng Edom, na tumatahan sa lupain ng Uz: ang saro ay
darating din sa iyo; ikaw ay malalango, at magpapakahubad.
22 Ang parusa sa iyong kasamaan ay naganap, Oh anak na
babae ng Sion, hindi ka na niya dadalhin pa sa pagkabihag:
kaniyang dadalawin ang iyong kasamaan, Oh anak na babae
ng Edom; kaniyang ililitaw ang iyong mga kasalanan.

5 Iyong alalahanin, Oh Panginoon, kung anong dumating sa
amin: iyong masdan, at tingnan ang aming pagkadusta.
2 Ang aming mana ay napasa mga taga ibang lupa, ang
aming mga bahay ay sa mga taga ibang bayan. 3 Kami ay
mga ulila at walang ama; ang aming mga ina ay parang
mga bao. 4 Aming ininom ang aming tubig sa halaga ng
salapi; ang aming kahoy ay ipinagbibili sa amin. 5 Ang
mga manghahabol sa amin ay nangasa aming mga leeg:
kami ay mga pagod, at walang kapahingahan. 6 Kami ay
nakipagkamay sa mga taga Egipto, at sa mga taga Asiria,
upang mangabusog ng tinapay. 7 Ang aming mga magulang
ay nagkasala at wala na; At aming pinasan ang kanilang mga
kasamaan. 8 Mga alipin ay nangagpupuno sa amin: walang
magligtas sa amin sa kanilang kamay. 9 Aming tinatamo ang
aming tinapay sa pamamagitan ng kapahamakan ng aming
buhay, dahil sa tabak sa ilang. 10 Ang aming balat ay maitim
na parang hurno, dahil sa maningas na init ng kagutom. 11
Kanilang dinahas ang mga babae, sa Sion, ang mga dalaga
sa mga bayan ng Juda. 12 Ang mga prinsipe ay nangabibitin
ng kanilang kamay: ang mga mukha ng mga matanda ay
hindi iginagalang. 13 Ang mga binata ay nangagpapasan
ng gilingan, at ang mga bata ay nangadudulas sa lilim ng
kahoy. 14 Ang mga matanda ay wala na sa pintuang-bayan.
Ang mga binata'y wala na sa kanilang mga tugtugin. 15 Ang
kagalakan ng aming puso ay naglikat; ang aming sayaw ay
napalitan ng tangisan. 16 Ang putong ay nahulog mula sa

aming ulo: sa aba namin! sapagka't kami ay nangagkasala.
17 Dahil dito ang aming puso ay nanglulupaypay; dahil sa
mga bagay na ito ay nagdidilim ang aming mga mata; 18
Dahil sa bundok ng Sion na nasira; nilalakaran ng mga zora.
19 Ikaw, Oh Panginoon, nananatili magpakailan man: ang
iyong luklukan ay sa sali't saling lahi. 20 Bakit mo kami
nililimot magpakailan man, at pinababayaan mo kaming
totoong malaon? 21 Manumbalik ka sa amin, Oh Panginoon,
at kami ay manunumbalik: baguhin mo ang aming mga araw
na gaya nang una. 22 Nguni't itinakuwil mo kaming lubos,
ikaw ay totoong napoot sa amin.

# Ezekiel

**1** Nangyari nga nang ikatatlong pung taon, sa ikaapat na
buwan, nang ikalimang araw ng buwan, samantalang
ako'y kasama ng mga bihag sa pangpang ng ilog Chebar, na
ang langit ay nabuksan, at ako'y nakakita ng mga pangitain
mula sa Dios. **2** Nang ikalimang araw ng buwan, na siyang
ikalimang taon ng pagkabihag ng haring Joacim, **3** Ang
salita ng Panginoon ay dumating na maliwanag kay Ezekiel
na saserdote, na anak ni Buzi, sa lupain ng mga Caldeo
sa pangpang ng ilog Chebar: at ang kamay ng Panginoon,
ay sumasa kaniya. **4** At ako'y tumingin, at, narito, isang
unos na hangin ay lumabas na mula sa hilagaan, na isang
malaking ulap, na may isang apoy na naglilikom sa sarili,
at isang ningning sa palibot, at mula sa gitna niyao'y may
parang metal na nagbabaga, mula sa gitna ng apoy. **5** At
mula sa gitna niyao'y nanggaling ang kahawig ng apat na
nilalang na may buhay. At ito ang kanilang anyo, Sila'y
nakawangis ng isang tao; **6** At bawa't isa ay may apat na
mukha, at bawa't isa sa kanila ay may apat na pakpak. **7**
At ang kanilang mga paa ay mga matuwid na paa; at ang
talampakan ng kanilang mga paa ay parang talampakan ng
paa ng isang guya; at sila'y nagsisikinang na parang kulay
ng tansong binuli. **8** At sila'y may mga kamay ng tao sa
ilalim ng kanilang mga pakpak sa kanilang apat na tagiliran;
at silang apat ay may kanilang mga mukha, at may kanilang
mga pakpak na ganito: **9** Ang kanilang mga pakpak ay
nagkakadaitan; sila'y hindi nagsisipihit nang sila'y yumaon;
yumaon bawa't isa sa kanila na patuloy. **10** Tungkol sa anyo
ng kanilang mga mukha, sila'y may mukhang tao; at silang
apat ay may mukha ng leon sa kanang tagiliran; at silang
apat ay may mukha ng baka sa kaliwang tagiliran; silang
apat ay may mukha rin ng aguila. **11** At ang kanilang mga
mukha at ang kanilang mga pakpak ay magkahiwalay sa
itaas: dalawang pakpak ng bawa't isa ay nagkakadaitan
at ang dalawa ay nagsisitakip ng kanilang mga katawan.
**12** At yumaon bawa't isa sa kanila na patuloy; kung saan
naparoroon ang espiritu, doon sila nangaparoroon; sila'y
hindi nagsisipihit nang sila'y yumaon. **13** Tungkol sa anyo ng
mga nilalang na may buhay, ang kanilang katulad ay parang
mga bagang nagniningas; parang mga sulo: ang apoy ay
tumataas at bumababa sa gitna ng mga nilalang na may
buhay at ang apoy ay maningas, at mula sa apoy ay may
lumabas na kidlat. **14** At ang mga nilalang na may buhay
ay nagsitakbo at nagsibalik na parang kislap ng kidlat. **15**
Samantala ngang minamasdan ko ang mga nilalang na may
buhay, narito, ang isang gulong sa lupa sa siping ng mga
nilalang na may buhay, sa bawa't isa ng apat na mukha
ng mga yaon. **16** Ang anyo ng mga gulong at ng kanilang
pagkayari ay parang kulay ng berilo: at ang apat na yaon
ay may isang anyo: at ang kanilang anyo at ang kanilang
pagkayari ay parang isang gulong sa loob ng isang gulong.
**17** Pagka yumaon, nagsisiyaon sa kanilang apat na dako:
hindi nagsisipihit nang sila'y yumaon. **18** Tungkol sa kanilang
mga Rueda ay matataas at kakilakilabot; at itong apat ay
may kanilang mga llanta na puno ng mga mata sa palibot.
**19** At pagka ang mga nilalang na may buhay ay nagsisiyaon,
ang mga gulong ay nagsisiyaon sa siping nila; at pagka ang
mga nilalang na may buhay ay nangatataas mula sa lupa,
ang mga gulong ay nangatataas. **20** Kung saan naparoroon
ang espiritu ay nangaparoroon sila; doon pinaparoonan
ng espiritu; at ang mga gulong ay nangatataas sa siping
nila; sapagka't ang espiritu ng nilalang na may buhay ay
nasa mga gulong. **21** Pagka ang mga yaon ay nagsisiyaon,
ang mga ito'y nagsisiyaon; at pagka ang mga yaon ay
nagsisitayo, ang mga ito ay nagsisitayo; at pagka ang mga
yaon ay nangatataas mula sa lupa, ang mga gulong ay
nangatataas sa siping nila; sapagka't ang espiritu ng nilalang
na may buhay ay nasa mga gulong. **22** At sa ibabaw ng
ulo ng nilalang na may buhay, may kawangis ng langit, na
parang kulay ng kakilakilabot na bubog, na nakaunat sa itaas
ng kanilang mga ulo. **23** At sa ilalim ng langit ay nakaunat
ang kanilang mga pakpak, na ang isa ay sa gawi ng isa:
bawa't isa'y may dalawa na tumatakip ng kaniyang katawan
sa dakong ito, at bawa't isa'y may dalawa na tumatakip sa
dakong yaon. **24** At nang sila'y magsiyaon, aking narinig
ang pagaspas ng kanilang mga pakpak na parang hugong
ng maraming tubig, parang tinig ng Makapangyarihan sa
lahat, na hugong ng kagulo na gaya ng kaingay ng isang
hukbo: pagka sila'y nagsisitayo, kanilang ibinababa ang
kanilang mga pakpak. **25** At may tinig na nagmula sa itaas
ng langit na nasa ibabaw ng kanilang mga ulo: pagka sila'y
nagsisitayo, kanilang ibinababa ang kanilang mga pakpak.
**26** At sa itaas ng langit na nasa itaas ng kanilang mga ulo
ay may kawangis ng isang luklukan na parang anyo ng
batong zafiro; at sa ibabaw ng kawangis ng luklukan ay
may kawangis ng isang tao sa itaas niyaon. **27** At ako'y
nakakita ng parang metal na nagbabaga, na parang anyo
ng apoy sa loob niyaon, na nakikita mula sa kaniyang mga
balakang na paitaas; at mula sa kaniyang mga balakang na
paibaba ay nakakita ako ng parang anyo ng apoy, at may
ningning sa palibot niyaon. **28** Kung paano ang anyo ng
bahaghari na nasa alapaap sa kaarawan ng ulan, gayon ang
anyo ng kinang sa palibot. Ito ang anyo ng kaluwalhatian ng
Panginoon. At nang aking makita, ako'y nasubasob, at aking
narinig ang tinig ng isang nagsasalita.

**2** At sinabi niya sa akin, Anak ng tao, tumayo ka ng iyong
mga paa, at ako'y makikipagsalitaan sa iyo. **2** At ang

Espiritu ay sumaakin nang siya'y magsalita sa akin, at itinayo
ako sa aking mga paa; at aking narinig siya na nagsasalita sa
akin. 3 At kaniyang sinabi sa akin, Anak ng tao, sinusugo kita
sa mga anak ni Israel, sa mga bansa na mapanghimagsik,
na nanganghimagsik laban sa akin: sila at ang kanilang mga
magulang ay nagsisalangsang laban sa akin, hanggang
sa kaarawan ngang ito. 4 At ang mga anak ay walang
galang at mapagmatigas na loob; sinusugo kita sa kanila: at
iyong sasabihin sa kanila, Ganito ang sabi ng Panginoong
Dios. 5 At sila sa didinggin man nila, o sa itatakuwil man
nila (sapagka't sila'y mapanghimagsik na sangbahayan),
gayon man ay matatalastas nila na nagkaroon ng propeta sa
gitna nila. 6 At ikaw, anak ng tao, huwag matakot sa kanila,
o matakot man sa kanilang mga salita, bagaman maging
mga dawag at mga tinik ang kasama mo, at bagaman
ikaw ay tumatahan sa gitna ng mga alakdan: huwag kang
matakot sa kanilang mga salita, o manglupaypay man sa
kanilang mga tingin, bagaman sila'y mapanghimagsik na
sangbahayan. 7 At iyong sasalitain ang aking mga salita
sa kanila, sa didinggin, o sa itatakuwil man; sapagka't
sila'y totoong mapanghimagsik. 8 Nguni't ikaw, anak ng
tao, dinggin mo kung ano ang sinasabi ko sa iyo; huwag
kang mapanghimagsik na gaya niyaong mapanghimagsik na
sangbahayan; ibuka mo ang iyong bibig, at iyong kanin ang
ibinibigay ko sa iyo. 9 At nang ako'y tumingin, narito, isang
kamay ay nakaunat sa akin; at narito, isang balumbon ay
nandoon; 10 At ikinadkad niya sa harap ko: at nasusulatan
sa loob at sa labas; at may nakasulat doon na mga taghoy,
at panangis, at mga daing.

**3** At sinabi niya sa akin, Anak ng tao, kanin mo ang iyong
nasusumpungan; kanin mo ang balumbong ito, at ikaw ay
yumaon, magsalita ka sa sangbahayan ni Israel. 2 Sa gayo'y
ibinuka ko ang aking bibig, at ipinakain niya sa akin ang
balumbon. 3 At sinabi niya sa akin, Anak ng tao, pakanin
mo ang iyong tiyan, at busugin mo ang iyong bituka ng
balumbong ito na aking ibinibigay sa iyo. Nang magkagayo'y
kinain ko, at sa aking bibig ay naging parang pulot sa
katamisan. 4 At sinabi niya sa akin, Anak ng tao, yumaon
ka, paroon ka sa sangbahayan ni Israel, at magsalita ka ng
aking mga salita sa kanila. 5 Sapagka't ikaw ay hindi sinugo
sa isang bayan na may ibang wika at may mahirap na salita,
kundi sa sangbahayan ni Israel; 6 Hindi sa maraming bayan
na may ibang wika at may mahirap na salita, na ang mga
salita ay hindi mo nauunawa. Tunay na kung suguin kita sa
mga yaon, didinggin ka ng mga yaon. 7 Nguni't hindi ka
didinggin ng sangbahayan ni Israel; sapagka't hindi nila ako
didinggin: sapagka't ang buong sangbahayan ni Israel ay
may matigas na ulo, at may mapagmatigas na loob. 8 Narito,
aking pinapagmatigas ang iyong mukha laban sa kanilang
mga mukha, at pinatigas ko ang iyong ulo laban sa kanilang
mga ulo. 9 Ginawa kong parang isang diamante na lalong
matigas kay sa pingkiang bato ang iyong ulo: huwag mo
silang katakutan, o manglupaypay man sa kanilang tingin,
bagaman sila'y mapanghimagsik na sangbahayan. 10 Bukod
dito'y sinabi niya sa akin, Anak ng tao, lahat ng aking mga
salita na aking sasalitain sa iyo ay tanggapin mo sa iyong
puso, at dinggin mo ng iyong mga pakinig. 11 At yumaon
ka, pumaroon ka sa mga bihag, na mga anak ng iyong
bayan at magsalita ka sa kanila, at saysayin mo sa kanila,
Ganito ang sabi ng Panginoong Dios; sa didinggin man
nila, o sa itatakuwil man nila. 12 Nang magkagayo'y itinaas
ako ng Espiritu, at aking narinig sa likuran ko ang tinig ng
malaking hugong, na nagsasabi; Purihin ang kaluwalhatian
ng Panginoon mula sa kaniyang dako. 13 At aking narinig
ang pagaspas ng mga pakpak ng mga nilalang na may
buhay na nagkakadagisdisan, at ang hugong ng mga gulong
sa siping nila, sa makatuwid baga'y ang ingay ng malaking
hugong. 14 Sa gayo'y itinaas ako ng Espiritu, at ako'y
dinala; at ako'y yumaong namamanglaw, sa pagiinit ng aking
kalooban; at ang kamay ng Panginoon ay naging malakas
sa akin. 15 Nang magkagayo'y naparoon ako sa mga bihag
sa Tel-abib, na nagsisitahan sa pangpang ng ilog Chebar,
at sa kanikanilang kinatatahanan; at ako'y umupo roong
natitigilan sa gitna nila na pitong araw. 16 At nangyari, sa
katapusan ng pitong araw, na ang salita ng Panginoon ay
dumating sa akin, na nagsasabi, 17 Anak ng tao, ginawa
kitang bantay sa sangbahayan ni Israel: kaya't pakinggan
mo ang salita sa aking bibig, at ipanguna mo sa kanila sa
ganang akin. 18 Pagka aking sinabi sa masama, Ikaw ay
walang pagsalang mamamatay; at hindi mo pinagpaunahan
siya, o nagsasalita ka man upang hikayatin ang masama
mula sa kaniyang masamang lakad, upang iligtas ang
kaniyang buhay; ang gayong masamang tao ay mamamatay
sa kaniyang kasamaan; nguni't ang kaniyang dugo ay
aking sisiyasatin sa iyong kamay. 19 Gayon ma'y kung
iyong pagpaunahan ang masama, at siya'y hindi humiwalay
sa kaniyang kasamaan, o sa kaniyang masamang lakad
man, siya'y mamamatay sa kaniyang kasamaan; nguni't
iyong iniligtas ang iyong kaluluwa. 20 Muli, pagka ang
isang taong matuwid ay lumilihis sa kaniyang katuwiran, at
gumawa ng kasamaan, at ako'y naglalagay ng katitisuran
sa harap niya, siya'y mamamatay; sapagka't hindi mo siya
pinagpaunahan, siya'y mamamatay sa kaniyang kasalanan,
at ang kaniyang mga matuwid na gawa na kaniyang ginawa
ay hindi aalalahanin; nguni't ang kaniyang dugo ay aking
sisiyasatin sa iyong kamay. 21 Gayon ma'y kung iyong
pinagpaunahan ang taong matuwid, upang ang matuwid ay
huwag magkasala, at siya'y hindi nagkakasala, siya'y walang

pagsalang mabubuhay, sapagka't siya'y nahikayat; at iyong
iniligtas ang iyong kaluluwa. **22** At ang kamay ng Panginoon
ay sumasa akin, at sinabi niya sa akin, Bumangon ka,
lumabas ka sa kapatagan at doo'y makikipagusap ako sa
iyo. **23** Nang magkagayo'y bumangon ako, at ako'y lumabas
sa kapatagan; at, narito, ang kaluwalhatian ng Panginoon
ay dumoon, na gaya ng kaluwalhatian na aking nakita sa
pangpang ng ilog Chebar; at ako'y napasubasob. **24** Nang
magkagayo'y suma akin ang Espiritu, at itinayo ako sa aking
mga paa; at siya'y nakipagsalitaan sa akin, at nagsabi sa
akin, Yumaon ka, magsara ka sa loob ng iyong bahay. **25**
Nguni't ikaw, anak ng tao, narito, sila'y mangaglalagay ng
mga lubid sa iyo, at itatali sa iyo, at ikaw ay hindi lalabas sa
gitna nila. **26** At aking paninikitin ang iyong dila sa ngalangala
ng iyong bibig, upang ikaw ay mapipi, at huwag maging
mananaway sa kanila: sapagka't sila'y mapanghimagsik na
sangbahayan. **27** Nguni't pag ako'y makikipagsalitaan sa iyo,
aking ibubuka ang iyong bibig, at iyong sasabihin sa kanila,
Ganito ang sabi ng Panginoong Dios; Siyang nakikinig ay
makinig; at ang nagtatakuwil ay magtakuwil: sapagka't sila'y
mapanghimagsik na sangbahayan.

**4** Ikaw naman, anak ng tao, kumuha ka ng isang losa, at
ilagay mo sa harap mo, at gumuhit ka sa ibabaw ng isang
bayan, sa makatuwid baga'y ng Jerusalem. **2** At kubkubin
mo, at magtayo ka ng mga katibayan sa tapat noon, at
maglagay ka ng bunton sa tapat noon; maglagay ka rin
ng mga kampamento sa tapat noon; at magumang ka ng
mga pangsaksak sa tapat noon sa palibot. **3** At magdala ka
ng kawaling bakal, at ilagay mo na pinakakutang bakal sa
pagitan mo at ng bayan: at iharap mo ang iyong mukha sa
dako niyaon, at makukubkob, at iyong kukubkubin. Ito ang
magiging tanda sa sangbahayan ni Israel. **4** Bukod dito'y
humiga ka ng patagilid sa iyong kaliwa at ilagay mo ang
kasamaan ng sangbahayan ni Israel doon; ayon sa bilang
ng mga araw na iyong ihihiga roon, magdadanas ka ng
kanilang kasamaan. **5** Sapagka't aking itinakda ang mga
taon ng kanilang kasamaan upang maging sa iyo'y isang
bilang ng mga araw, sa makatuwid baga'y tatlong daan at
siyam na pung araw: gayon mo dadanasin ang kasamaan
ng sangbahayan ni Israel. **6** At muli, pagka iyong natapos
ang mga ito, ikaw ay hihiga sa iyong tagilirang kanan, at
iyong dadanasin ang kasamaan ng sangbahayan ni Juda;
apat na pung araw, bawa't araw ay pinaka isang taon, aking
itinakda sa iyo. **7** At iyong ihaharap ang iyong mukha sa
pagkubkob ng Jerusalem na may lilis kang manggas; at ikaw
ay manghuhula laban doon. **8** At, narito, ipinaglalagay kita
ng lubid, at ikaw ay huwag magpapalikoliko mula sa isang
dako hanggang sa kabila, hanggang sa matupad mo ang
mga kaarawan ng iyong pagkubkob. **9** Magdala ka rin ng
trigo, at ng cebada, at ng habas, at ng lentejas, at ng mijo,
at ng espelta, at ilagay mo sa isang sisidlan, at gawin mong
tinapay; ayon sa bilang ng mga araw na iyong ihihiga sa
iyong tagiliran, sa makatuwid baga'y tatlong daan at siyam
na pung araw, iyong kakanin yaon. **10** At ang iyong pagkain
na iyong kakanin ay magiging ayon sa timbang, dalawang
pung siklo isang araw: araw-araw ay iyong kakanin. **11** At
ikaw ay iinom ng tubig ayon sa takal, na ikaanim na bahagi
ng isang hin: araw-araw ikaw ay iinom. **12** At iyong kakaning
parang mga munting tinapay na cebada, at iyong lulutuin sa
dumi na galing sa tao sa kanilang paningin. **13** At sinabi
ng Panginoon, Ganito kakanin ng mga anak ni Israel ang
kanilang maruming tinapay, sa gitna ng mga bansa na aking
pagtatabuyan sa kanila. **14** Nang magkagayo'y sinabi ko,
Ah Panginoong Dios! narito, ang aking kaluluwa ay hindi
nadumhan, sapagka't mula sa aking kabataan hanggang
ngayon ay hindi ako kumain ng namamatay sa sarili, o nilapa
ng mga hayop; o pumasok man ang kasuklamsuklam na
karne sa aking bibig. **15** Nang magkagayo'y sinabi niya sa
akin, Tingnan mo, ibinigay ko sa iyo'y dumi ng baka na
kahalili ng dumi ng tao, at iyong ihahanda ang iyong tinapay
sa ibabaw niyaon. **16** Bukod dito'y sinabi niya sa akin, Anak
ng tao, narito, aking babaliin ang tungkod ng tinapay sa
Jerusalem: at sila'y magsisikain ng tinapay ayon sa timbang,
at may pagkatakot; at magsisiinom sila ng tubig ayon sa
takal, at manglulupaypay: **17** Upang sila'y mangailangan
ng tinapay at tubig, at manglupaypay na magkakasama, at
manganlata sa kanilang kasamaan.

**5** At ikaw, anak ng tao, magdala ka ng matalas na tabak;
na parang pangahit ng manggugupit ang iyong dadalhin,
at iyong pararaanin sa iyong ulo at sa iyong balbas: kung
magkagayo'y kumuha ka ng timbangang panimbang, at
bahagihin mo ang buhok. **2** Ang ikatlong bahagi ay iyong
susunugin sa apoy sa gitna ng bayan, pagka ang mga
araw ng pagkubkob ay naganap; at iyong kukunin ang
ikatlong bahagi, at susugatan mo ng tabak sa palibot; at
ang ikatlong bahagi ay iyong pangangalatin sa hangin, at
ako'y magbubunot ng tabak sa likuran nila. **3** At kukuha ka
sa mga yaon ng kaunti sa bilang, at ipagtatali mo sa iyong
mga tunika. **4** At sa mga ito'y kukuha ka uli, at ihahagis
mo sa gitna ng apoy, at susunugin mo sa apoy; siyang
panggagalingan ng apoy sa buong sangbahayan ni Israel.
**5** Ganito ang sabi ng Panginoong Dios, Ito ay Jerusalem;
inilagay ko siya sa gitna ng mga bansa, at mga lupain
ay nangasa palibot niya. **6** At siya'y nanghimagsik laban
sa aking mga kahatulan sa paggawa ng kasamaan na
higit kay sa ginawa ng mga bansa, at laban sa aking mga
palatuntunan na higit kay sa mga lupain na nangasa palibot
niya; sapagka't kanilang itinakuwil ang aking mga kahatulan,

at tungkol sa aking mga palatuntunan, hindi nila nilakaran.
7 Kaya't ganito ang sabi ng Panginoong Dios, Sapagka't
kayo'y manggugulo na higit kay sa mga bansa na nangasa
palibot ninyo, at hindi nagsilakad sa aking mga palatuntunan,
o iningatan man ang aking mga kahatulan, o nagsigawa man
ng ayon sa mga ayos sa mga bansa na nangasa palibot
ninyo; 8 Kaya't ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Narito,
ako, sa makatuwid baga'y ako, ay laban sa iyo; at ako'y
maglalapat ng mga kahatulan sa gitna mo sa paningin ng
mga bansa. 9 At aking gagawin sa iyo ang hindi ko ginawa,
at hindi ko na gagawin pa ang kaparis, dahil sa iyong lahat na
kasuklamsuklam. 10 Kaya't kakanin ng mga magulang ang
mga anak sa gitna mo, at kakanin ng mga anak ang kanilang
mga magulang; at ako'y maglalapat ng mga kahatulan sa
iyo; at ang buong nalabi sa iyo ay aking pangangalatin sa
lahat ng dako. 11 Kaya't buhay ako, sabi ng Panginoong
Dios, walang pagsala, na sapagka't iyong nilapastangan
ang aking santuario ng lahat mong kasuklamsuklam na
bagay, at ng lahat mong karumaldumal, kaya't akin namang
babawasan ka; ni hindi magpapatawad ang aking mata, at
ako nama'y hindi mahahabag. 12 Ang ikatlong bahagi mo ay
mamamatay sa pamamagitan ng salot, at sa pamamagitan
ng kagutom ay mauubos sila sa gitna mo; at ang isang
ikatlong bahagi ay mabubuwal sa pamamagitan ng tabak sa
palibot mo; at ang ikatlong bahagi ay aking pangangalatin sa
lahat ng dako, at magbubunot ako ng tabak sa likuran. 13
Ganito magaganap ang aking galit, at aking lulubusin ang
aking kapusukan sa kanila, at ako'y maaaliw: at kanilang
malalaman na akong Panginoon ay nagsalita sa aking
pagsisikap, pagka aking naganap ang aking kapusukan sa
kanila. 14 Bukod dito'y gagawin kitang kasiraan at kapulaan,
sa gitna ng mga bansa na nangasa palibot mo, sa paningin
ng lahat na nagsisidaan. 15 Sa gayo'y magiging kadustaan at
kapulaan, aral at katigilan sa mga bansang nangasa palibot
mo, pagka ako'y maglalapat ng mga kahatulan sa iyo sa galit
at sa kapusukan, at sa mababagsik na pagsaway (akong
Panginoon ang nagsalita); 16 Pagka ako'y magpapasapit sa
kanila ng mga masamang pana ng kagutom na ikasisira
nila, na siyang aking pasasapitin upang sirain kayo. At aking
palalalain ang kagutom sa inyo, at aking babaliin ang inyong
tungkod ng tinapay; 17 At ako'y magpapasapit sa inyo ng
kagutom at mga masamang hayop, at kanilang aalisan ka ng
anak; at salot at dugo ay daraan sa iyo; at aking pararatingin
ang tabak sa iyo; ako ang Panginoon na nagsalita.

**6** At ang salita ng Panginoon ay dumating sa akin, na
nagsasabi, 2 Anak ng tao, itingin mo ang iyong mukha
sa mga bundok ng Israel, at ikaw ay manghula tungkol sa
mga yaon. 3 At magsabi, Kayong mga bundok ng Israel,
pakinggan ang salita ng Panginoong Dios. Ganito ang sabi
ng Panginoong Dios sa mga bundok at sa mga burol, sa
mga batis at sa mga libis: Narito, ako sa makatuwid baga'y
ako, magpaparating ng tabak sa inyo, at aking sisirain
ang inyong mga mataas na dako. 4 At ang inyong mga
dambana ay masisira, at ang inyong mga larawang araw
ay mababasag; at aking ibubulagta ang inyong mga patay
na tao sa harap ng inyong mga diosdiosan. 5 At aking
ilalapag ang mga bangkay ng mga anak ni Israel sa harap
ng kanilang mga diosdiosan; at aking ikakalat ang inyong
mga buto sa palibot ng inyong mga dambana. 6 Sa lahat ng
inyong mga tahanang dako ay mawawasak ang mga bayan,
at ang mga mataas na dako ay mangasisira; upang ang
inyong mga dambana ay mangawasak at mangagiba, at ang
inyong mga diosdiosan ay mangabasag at mangaglikat, at
ang inyong mga larawang araw ay mangabagsak, at ang
inyong mga gawa ay mangawawala. 7 At ang mga patay
ay mangabubuwal sa gitna ninyo, at inyong malalaman na
ako ang Panginoon. 8 Gayon ma'y magiiwan ako ng nalabi,
upang magkaroon sa inyo ng ilan na nakatanan sa tabak sa
gitna ng mga bansa, pagka kayo'y mangangalat sa mga
lupain. 9 At silang nangakatanan sa inyo ay aalalahanin ako
sa gitna ng mga bansa na pagdadalhan sa kanilang bihag,
kung paanong ako'y nakipagkasira sa kanilang masamang
kalooban na humiwalay sa akin, at sa kanilang mga mata,
na yumaong sumamba sa kanilang mga diosdiosan; at sila'y
magiging kasuklamsuklam sa kanilang sariling paningin
dahil sa mga kasamaan na kanilang nagawa sa lahat nilang
kasuklamsuklam. 10 At kanilang malalaman na ako ang
Panginoon: hindi ako nagsalita ng walang kabuluhan na aking
gagawin ang kasamaang ito sa kanila. 11 Ganito ang sabi ng
Panginoong Dios, Saktan mo ng iyong kamay, at sikaran mo
ng iyong paa, at iyong sabihin, Sa aba nila! dahil sa lahat
na masamang kasuklamsuklam ng sangbahayan ni Israel;
sapagka't sila'y mangabubuwal sa pamamagitan ng tabak,
ng kagutom, at ng salot. 12 Ang malayo ay mamamatay
sa salot; at ang malapit ay mabubuwal sa pamamagitan
ng tabak; at ang malabi at makubkob ay mamamatay sa
pamamagitan ng kagutom: ganito ko gaganapin ang aking
kapusukan sa kanila. 13 At inyong malalaman na ako
ang Panginoon, pagka ang kanilang mga patay na tao
ay mangalalagay sa gitna ng kanilang mga diosdiosan sa
palibot ng kanilang mga dambana, sa ibabaw ng bawa't
mataas na burol, sa lahat na taluktok ng mga bundok, at
sa ilalim ng bawa't sariwang punong kahoy, at sa ilalim ng
bawa't mayabong na encina, na kanilang pinaghandugan ng
masarap na amoy sa lahat nilang diosdiosan. 14 At aking
iuunat ang kamay ko laban sa kanila, at gagawin kong sira
at giba ang lupa, mula sa ilang hanggang sa Diblah, sa

lahat nilang tahanan; at kanilang malalaman na ako ang
Panginoon.

**7** Bukod dito'y ang salita ng Panginoon ay dumating sa
akin, na nagsasabi, **2** At ikaw, anak ng tao, ganito ang
sabi ng Panginoong Dios sa lupain ng Israel, May wakas:
ang wakas ay dumating sa apat na sulok ng lupain. **3**
Ngayon ang wakas ay sumasaiyo at aking pararatingin ang
aking galit sa iyo, at hahatulan ka ayon sa iyong mga lakad;
at ipadadanas ko sa iyo ang lahat ng iyong kasuklamsuklam.
**4** At hindi ka patatawarin ng aking mata, o kahahabagan
man kita; kundi aking parurusahan ang iyong mga lakad, at
ang iyong mga kasuklamsuklam na gawa ay malilitaw; at
inyong malalaman na ako ang Panginoon. **5** Ganito ang
sabi ng Panginoong Dios, Ang kasamaan, ang tanging
kasamaan; narito, dumarating. **6** Ang wakas ay dumating,
ang wakas ay dumating; ito'y gumigising laban sa iyo;
narito, dumarating. **7** Ang parusa sa iyo ay dumarating, Oh
mananahan sa lupain: ang panahon ay dumarating, ang
kaarawan ay malapit na, kaarawan ng pagkakagulo, at hindi
ng kagalakang may hiyawan, sa ibabaw ng mga bundok. **8**
Bigla ko ngang ibubugso sa iyo ang aking kapusukan, at
aking gaganapin ang aking galit laban sa iyo, at hahatulan
kita ayon sa iyong mga lakad; at ipadadanas ko sa iyo ang
lahat ng iyong kasuklamsuklam. **9** At ang aking mata ay
hindi magpapatawad, o mahahabag man ako: padadatnin
ko sa iyo ang ayon sa iyong mga lakad; at ang iyong mga
kasuklamsuklam ay dadanasin mo; at inyong malalaman na
ako ang Panginoon na nananakit. **10** Narito, ang kaarawan,
narito, dumarating; ang hatol sa iyo ay ipinasiya; ang tungkod
ay namulaklak, ang kapalaluan ay namuko. **11** Pangdadahas
ay bumangon na naging pamalo ng kasamaan; walang
malalabi sa kanila, o sa kanilang karamihan man, o sa
kanilang kayamanan man: at hindi magkakaroon ng kahit
karangalan sa kanila. **12** Ang panahon ay dumarating,
ang kaarawan ay nalalapit: huwag magalak ang mamimili,
o tumangis man ang manininda: sapagka't ang poot ay
nasa lahat ng karamihan niyaon. **13** Sapagka't hindi na
pagbabalikan ng manininda ang ipinagbili, bagaman sila'y
buhay pa: sapagka't ang pangitain ay tungkol sa buong
karamihan niyaon, walang babalik; at sinoman ay hindi
magpapakalakas pa sa kasamaan ng kaniyang buhay. **14**
Nagsihihip sila ng pakakak, at nagsihanda; nguni't walang
naparoroon sa pagbabaka; sapagka't ang aking poot ay
nasa buong karamihan niyaon. **15** Ang tabak ay nasa labas,
at ang salot at ang kagutom ay nasa loob: siyang nasa
parang ay mamamatay sa tabak; at siyang nasa bayan,
kagutom at salot ay lalamon sa kaniya. **16** Nguni't silang
nagsisitanan sa mga yaon ay tatanan, at mangapapasa mga
bundok, na parang mga kalapati sa mga libis, silang lahat
ay nagsisitangis, bawa't isa'y dahil sa kaniyang kasamaan.
**17** Lahat ng kamay ay manghihina, at lahat ng tuhod ay
manglalata na gaya ng tubig. **18** Sila'y mangagbibigkis din
naman ng kayong magaspang, at pangingilabot ay sasa
kanila; at kahihiyan ay sasa lahat ng mukha, at pagkakalbo
sa lahat nilang ulo. **19** Kanilang ihahagis ang kanilang pilak
sa mga lansangan, at ang kanilang ginto ay magiging parang
isang maruming bagay; ang kanilang pilak at ang kanilang
ginto ay hindi makapagliligtas sa kanila sa kaarawan ng poot
ng Panginoon: hindi nila maaaliw ang kanilang mga kaluluwa,
o mabubusog man ang kanilang mga tiyan; sapagka't
naging katitisuran ng kanilang kasamaan. **20** Tungkol sa
ganda ng kaniyang gayak, inilagay niya sa kamahalan;
nguni't kanilang ginawang mga larawan ang kanilang mga
kasuklamsuklam at karumaldumal na mga bagay: kaya't
ginawa ko sa kanila na parang maruming bagay. **21** At
aking ibibigay sa mga kamay ng mga taga ibang lupa na
pinakahuli, at sa mga masama sa lupa na pinakasamsam;
at kanilang lalapastanganin. **22** Ang aking mukha ay aking
itatalikod naman sa kanila, at kanilang lalapastanganin ang
aking lihim na dako: at mga magnanakaw ay magsisipasok
doon, at lalapastangan. **23** Gumawa ka ng tanikala; sapagka't
ang lupain ay puno ng mga sala sa pagbububo ng dugo,
at ang bayan ay puno ng pangdadahas. **24** Kaya't aking
dadalhin ang mga pinakamasama ng mga bansa, at aariin
nila ang kanilang mga bahay: akin namang patitigilin ang
kapalaluan ng malakas, at ang kanilang mga dakong banal
ay lalapastanganin. **25** Kagibaan ay dumarating; at sila'y
magsisihanap ng kapayapaan, at wala doon. **26** Kapanglawan
at kapanglawan ay darating, at balita at balita ay darating; at
sila'y magsisihanap ng pangitain ng propeta; nguni't ang
kautusa'y mawawala sa saserdote, at ang payo'y mawawala
sa mga matanda. **27** Ang hari ay tatangis, at ang prinsipe
ay mananamit ng kapahamakan, at ang mga kamay ng
mga tao ng lupain ay mababagbag: aking gagawin sa kanila
ang ayon sa kanilang lakad, at ayon sa kanilang kaugalian
ay hahatulan ko sila; at kanilang malalaman na ako ang
Panginoon.

**8** At nangyari nang ikaanim na taon, nang ikaanim na
buwan, nang ikalima ng buwan, ako'y nakaupo sa aking
bahay, at ang mga matanda sa Juda ay nangakaupo sa
harap ko, na ang kamay ng Panginoong Dios ay dumating
sa akin doon. **2** Nang magkagayo'y tumingin ako, at, narito,
may isang anyo na parang apoy; mula sa anyo ng kaniyang
mga balakang at paibaba, ay apoy; at mula sa kaniyang mga
balakang at paitaas, parang anyo ng kinang, na parang metal
na nagbabaga. **3** At kaniyang inilabas ang anyo ng isang
kamay, at hinawakan ako sa buhok ng aking ulo; at itinaas
ako ng Espiritu sa pagitan ng lupa at ng langit, at dinala ako

sa pangitain na mula sa Dios sa Jerusalem, sa pintuan ng
pintuang-daan ng pinakaloob na looban na nakaharap sa
dakong hilagaan; na kinaroroonan ng upuan ng larawan ng
panibugho, na namumungkahi sa paninibugho. **4** At, narito,
ang kaluwalhatian ng Dios ng Israel ay nandoon, gaya ng
anyo na aking nakita sa kapatagan. **5** Nang magkagayo'y
sinabi niya sa akin, Anak ng tao, itingin mo ang iyong mga
mata ngayon sa daan na dakong hilagaan. Sa gayo'y itiningin
ko ang aking mga mata sa daan na dakong hilagaan, at
narito, nasa dakong hilagaan ng pintuang-daan ng dambana
ang larawang ito ng panibugho sa pasukan. **6** At sinabi
niya sa akin, Anak ng tao, nakikita mo baga ang kanilang
ginagawa? ang malaking kasuklamsuklam na ginagawa ng
sangbahayan ni Israel dito, upang ako'y lumayo sa aking
santuario? Nguni't iyo muling makikita pa ang ibang mga
malalaking kasuklamsuklam. **7** At dinala niya ako sa pintuan
ng looban; at nang ako'y tumingin, narito, ang isang butas
sa pader. **8** Nang magkagayo'y sinabi niya sa akin, Anak ng
tao, humukay ka ngayon sa pader: at nang ako'y humukay
sa pader, narito, ang isang pintuan. **9** At sinabi niya sa
akin, Ikaw ay pumasok, at tingnan mo ang mga masamang
kasuklamsuklam na kanilang ginagawa rito. **10** Sa gayo'y
pumasok ako at nakita ko; at narito, ang bawa't anyo ng
nagsisiusad na mga bagay, at kasuklamsuklam na mga
hayop, at lahat ng mga diosdiosan ng sangbahayan ni Israel,
na nakaguhit sa pader sa palibot. **11** At nagsitayo sa harap
nila ang pitong pung lalake sa mga matanda ng sangbahayan
ni Israel; at sa gitna nila ay tumayo si Jaazanias na anak
ni Saphan, bawa't lalake ay may kaniyang pangsuub sa
kaniyang kamay; at ang amoy ng usok ng kamangyan ay
napailanglang. **12** Nang magkagayo'y sinabi niya sa akin,
Anak ng tao, nakikita mo baga kung anong ginagawa ng mga
matanda ng sangbahayan ni Israel sa kadiliman, bawa't isa'y
sa kaniyang mga silid na nilarawanan? sapagka't kanilang
sinasabi, Hindi tayo nakikita ng Panginoon; pinabayaan ng
Panginoon ang lupa. **13** Sinabi rin niya sa akin, Iyong muling
makikita pa ang mga ibang malaking kasuklamsuklam na
kanilang ginagawa. **14** Nang magkagayo'y dinala niya ako
sa pintuan ng pintuang-daan ng bahay ng Panginoon na
nasa dakong hilagaan; at, narito, doo'y nangaupo ang mga
babae na iniiyakan si Tammuz. **15** Nang magkagayo'y sinabi
niya sa akin, Nakita mo baga ito, Oh anak ng tao? iyo pa
muling makikita ang lalong malaking mga kasuklamsuklam
kay sa mga ito. **16** At dinala niya ako sa pinakaloob na
looban ng bahay ng Panginoon, at, narito, sa pintuan ng
templo ng Panginoon sa pagitan ng malaking pintuan at
ng dambana, ay may dalawang pu't limang lalake, na
sila'y nakatalikod sa dako ng templo ng Panginoon, at
nakaharap sa dakong silanganan; at kanilang sinasamba
ang araw sa dakong silanganan. **17** Nang magkagayo'y
sinabi niya sa akin, Nakita mo baga ito, Oh anak ng tao?
Magaan bagang bagay sa sangbahayan ni Juda, na sila'y
nagsisigawa ng mga kasuklamsuklam na kanilang ginagawa
dito? sapagka't kanilang pinuno ng karahasan ang lupa,
at sila'y nangagbalik uli upang mungkahiin ako sa galit:
at, narito, kanilang inilalagay ang sanga sa kanilang ilong.
**18** Kaya't akin namang gagawin sa kapusukan; ang aking
mata ay hindi magpapatawad, o mahahabag man ako: at
bagaman sila'y nagsisidaing sa aking pakinig ng malakas na
tinig, gayon ma'y hindi ko sila didinggin.

**9** Nang magkagayo'y sumigaw siya sa aking pakinig ng
malakas na tinig, na nagsasabi, Magsilapit yaong mga
may katungkulan sa bayan, na bawa't isa'y may kaniyang
pangpatay na almas sa kaniyang kamay. **2** At narito, anim na
lalake ay nagsipanggaling sa daan ng mataas na pintuang-
daan, na nalalagay sa dako ng hilagaan, na bawa't isa'y may
kaniyang pangpatay na almas sa kaniyang kamay; at isang
lalake ay nasa gitna nila na nakapanamit ng kayong lino, na
may tintero ng manunulat sa kaniyang tagiliran. At sila'y
nagsipasok, at nagsitayo sa siping ng tansong dambana.
**3** At ang kaluwalhatian ng Dios ng Israel ay umilanglang
mula sa kerubin, na kinapapatungan, hanggang sa pintuan
ng bahay: at kaniyang tinawag ang lalaking nakapanamit
ng kayong lino, na may tintero ng manunulat sa kaniyang
tagiliran. **4** At sinabi ng Panginoon sa kaniya, Pumaroon ka
sa gitna ng bayan, sa gitna ng Jerusalem, at maglagay ka
ng mga tanda sa mga noo ng mga taong nangagbubuntong-
hininga at nagsidaing dahil sa lahat na kasuklamsuklam na
nagawa sa gitna niyaon. **5** At sa mga iba ay sinabi niya sa
aking pakinig, Magsiparoon kayo sa bayan na magsisunod
sa kaniya, at manakit kayo: huwag magpatawad ang inyong
mata, o kayo man ay mahabag; **6** Lipulin ninyong lubos
ang matanda, ang binata at ang dalaga, at ang mga bata
at ang mga babae; nguni't huwag lumapit sa sinomang
lalake na tinandaan; at inyong pasimulan sa aking santuario.
Nang magkagayo'y kanilang pinasimulan sa mga matandang
lalake na nangasa harap ng bahay. **7** At sinabi niya sa kanila,
Lapastanganin ninyo ang bahay, at punuin ninyo ng patay
ang mga looban: magsilabas kayo. At sila'y nagsilabas, at
nanakit sa bayan. **8** At nangyari, habang sila'y nananakit,
at ako'y naiwan, na ako'y nasubasob, at sumigaw ako,
at aking sinabi, Ah Panginoong Dios! iyo bagang lilipulin
ang buong nalabi sa Israel, sa iyong pagbubugso ng iyong
kapusukan sa Jerusalem? **9** Nang magkagayo'y sinabi niya
sa akin, Ang kasamaan ng sangbahayan ni Israel at ni Juda
ay totoong malaki, at ang lupain ay puno ng dugo, at ang
bayan ay puno ng kasuwailan: sapagka't kanilang sinasabi,
Pinabayaan ng Panginoon ang lupa, at hindi nakikita ng

Panginoon. 10 At tungkol sa akin naman, ang aking mata ay
hindi magpapatawad, o mahahabag man ako, kundi aking
ipadadanas ang kanilang lakad sa kanilang ulo. 11 At, narito,
ang lalaking nakapanamit ng kayong lino, na may tintero ng
manunulat sa kaniyang tagiliran, nagbalita ng bagay; na
sinabi, Aking ginawa na gaya ng iniutos mo sa akin.

10 Nang magkagayo'y tumingin ako, at, narito, sa langit
na nasa ulunan ng mga kerubin, may nakita na parang
isang batong zafiro, na parang isang luklukan. 2 At siya'y
nagsalita sa lalake na nakapanamit ng kayong lino, at
kaniyang sinabi, Pumasok ka sa pagitan ng nagsisiikot na
mga gulong, sa ilalim ng kerubin, at punuin mo kapuwa
ang iyong mga kamay ng mga bagang nagbabaga mula
sa pagitan ng mga kerubin, at ikalat mo sa bayan. At sa
aking paningin ay pumasok siya. 3 Ang mga kerubin nga ay
nagsitayo sa dakong kanan ng bahay, nang ang lalake ay
pumasok; at pinuno ng ulap ang pinakaloob na looban. 4
At ang kaluwalhatian ng Panginoon ay napailanglang mula
sa kerubin, at tumayo sa itaas ng pintuan ng bahay; at
ang bahay ay napuno ng ulap, at ang looban ay napuno
ng ningning ng kaluwalhatian ng Panginoon. 5 At ang
pagaspas ng mga pakpak ng mga kerubin ay narinig
hanggang sa looban sa labas, na gaya ng tinig ng Dios na
Makapangyarihan sa lahat, pagka siya'y nagsasalita. 6 At
nangyari, nang kaniyang utusan ang lalake na nakapanamit
ng kayong lino, na sabihin, Kumuha ka ng apoy sa loob ng
nagsisiikot na mga gulong mula sa pagitan ng mga kerubin,
na siya'y pumasok, at tumayo sa tabi ng isang gulong. 7 At
iniunat ng kerubin ang kaniyang kamay mula sa gitna ng mga
kerubin sa apoy na nasa gitna ng mga kerubin, at kumuha
niyaon, at inilagay sa mga kamay ng nakapanamit ng kayong
lino, na siyang kumuha at lumabas. 8 At lumitaw sa gitna ng
mga kerubin ang anyo ng kamay ng isang tao sa ilalim ng
kanilang mga pakpak. 9 At ako'y tumingin, at narito, apat na
gulong ay nangasa tabi ng mga kerubin, isang gulong ay
nasa tabi ng isang kerubin, at ang ibang gulong ay nasa
tabi ng ibang kerubin; at ang anyo ng mga gulong ay gaya
ng kulay ng batong berila. 10 At tungkol sa kanilang anyo,
silang apat ay may isang pagkakawangis, na para bagang
isang gulong na napasa loob ng isang gulong. 11 Pagka
nagsisiyaon, ay nagsisiyaon sa kanilang apat na dako: hindi
nagsisipihit habang nagsisiyaon, kundi ang kinahaharapan
ng ulo ay siyang sinusundan nila: hindi nagsisipihit habang
nagsisiyaon. 12 At ang kanilang buong katawan, at ang
kanilang mga likod, at ang kanilang mga kamay, at ang
kanilang mga pakpak, at ang mga gulong ay puno ng mga
mata sa palibot, sa makatuwid baga'y ang mga gulong na
tinatangkilik ng apat. 13 Tungkol sa mga gulong, tinawag sa
aking pakinig, ang nagsisiikot na mga gulong. 14 At bawa't
isa'y may apat na mukha: ang unang mukha ay mukha ng
kerubin, at ang ikalawang mukha ay mukha ng tao, at ang
ikatlo ay mukha ng leon, at ang ikaapat ay mukha ng isang
aguila. 15 At ang mga kerubin ay napaitaas: ito ang nilalang
na may buhay na aking nakita sa pangpang ng ilog Chebar.
16 At nang magsiyaon ang mga kerubin, ang mga gulong ay
nagsiyaong kasiping nila: at nang itaas ng mga kerubin ang
kanilang mga pakpak upang paitaas mula sa lupa, ang mga
gulong naman ay hindi nagsihiwalay sa siping nila. 17 Pagka
sila'y nagsisitayo, ang mga ito ay nagsisitayo; at pagka
sila'y nangapaiitaas, ang mga ito'y nangapaiitaas na kasama
nila: sapagka't ang espiritu ng nilalang na may buhay ay
nasa mga yaon. 18 At ang kaluwalhatian ng Panginoon ay
lumabas mula sa pintuan ng bahay, at lumagay sa ibabaw ng
mga kerubin. 19 At itinaas ng mga kerubin ang kanilang mga
pakpak, at nangapaitaas mula sa lupa sa aking paningin,
nang sila'y magsilabas, at ang mga gulong ay sa siping nila:
at sila'y nagsitayo sa pintuan ng pintuang-daang silanganan
ng bahay ng Panginoon; at ang kaluwalhatian ng Dios ng
Israel ay nasa itaas nila. 20 Ito ang nilalang na may buhay
na aking nakita sa ilalim ng Dios ng Israel sa pangpang
ng ilog Chebar; at naalaman ko na sila'y mga kerubin. 21
Bawa't isa'y may apat na mukha, at bawa't isa'y may apat na
pakpak; at ang anyo ng mga kamay ng tao ay nasa ilalim ng
kanilang mga pakpak. 22 At tungkol sa anyo ng kanilang
mga mukha, ay mga mukha na aking nakita sa pangpang ng
ilog Chebar, ang kanilang mga anyo at sila rin; sila'y yumaon
bawa't isa na patuloy.

11 Bukod dito'y itinaas ako ng Espiritu, at dinala ako sa
pintuang-daang silanganan ng bahay ng Panginoon,
na nakaharap sa dakong silanganan: at narito, nasa pinto ng
pintuang-daan ang dalawang pu't limang lalake; at nakita ko
sa gitna nila si Jaazanias na anak ni Azur, at si Pelatias na
anak ni Benaias, na mga prinsipe ng bayan. 2 At sinabi niya
sa akin, Anak ng tao, ito ang mga lalake na nagsisikatha ng
kasamaan, at nagbibigay ng masamang payo sa bayang ito;
3 Na nagsasabi, Hindi malapit ang panahon ng pagtatayo ng
mga bahay; ang bayang ito ang caldera, at tayo ang karne.
4 Kaya't manghula ka laban sa kanila, manghula ka, Oh
anak ng tao. 5 At ang Espiritu ng Panginoon ay dumating sa
akin, at sinabi niya sa akin, Salitain mo, Ganito ang sabi ng
Panginoon: Ganito ang inyong sinabi, Oh sangbahayan ni
Israel; sapagka't nalalaman ko ang mga bagay na pumasok
sa inyong pag-iisip. 6 Inyong pinarami ang inyong pinatay sa
bayang ito, at inyong pinuno ang mga lansangan nito ng
mga patay. 7 Kaya't ganito ang sabi ng Panginoong Dios,
Ang inyong mga patay na inyong ibinulagta sa gitna nito, ay
karne, at ang bayang ito ay siyang caldera: nguni't kayo'y
ilalabas sa gitna nito. 8 Kayo'y nangatakot sa tabak; at aking

pararatingin ang tabak sa inyo, sabi ng Panginoong Dios.
9 At aking ilalabas kayo sa gitna nito, at ibibigay ko kayo
sa mga kamay ng mga taga ibang lupa, at maglalapat ako
ng mga kahatulan sa inyo. 10 Kayo'y mangabubuwal sa
pamamagitan ng tabak; aking hahatulan kayo sa hangganan
ng Israel; at inyong malalaman na ako ang Panginoon. 11
Ang bayang ito ay hindi magiging inyong caldera, o kayo
man ay magiging karne sa gitna nito, aking hahatulan kayo
sa hangganan ng Israel; 12 At inyong malalaman na ako ang
Panginoon: sapagka't kayo'y hindi nagsilakad ng ayon sa
aking mga palatuntunan, o inyo mang isinagawa ang aking
mga kahatulan, kundi kayo'y nagsigawa ng ayon sa mga
kaugalian ng mga bansa na nangasa palibot ninyo. 13 At
nangyari, nang ako'y nanghuhula, na si Pelatias na anak ni
Benaias ay namatay. Nang magkagayo'y nasubasob ako, at
ako'y sumigaw ng malakas, at aking sinabi, Ah Panginoong
Dios! gagawa ka baga ng lubos na wakas sa nalabi sa
Israel? 14 At ang salita ng Panginoon ay dumating sa akin,
na sinasabi, 15 Anak ng tao, ang iyong mga kapatid, sa
makatuwid baga'y ang iyong mga kapatid, na mga lalake sa
iyong kamaganakan, at ang buong sangbahayan ni Israel,
silang lahat, siyang mga pinagsabihan ng mga nananahan
sa Jerusalem. Magsilayo kayo sa Panginoon; sa amin ay
ibinigay ang lupaing ito na pinakaari. 16 Kaya't iyong sabihin,
Ganito ang sabi ng Panginoong Dios, Bagaman sila'y aking
inilayo sa gitna ng mga bansa, at bagaman aking pinangalat
sila sa gitna ng mga lupain, gayon ma'y ako'y magiging
pinaka santuario sa kanila sa sandaling panahon sa mga
lupain na kanilang kapaparunan. 17 Kaya't iyong sabihin,
Ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Aking pipisanin kayo
mula sa mga bayan, at titipunin ko kayo sa mga lupain na
inyong pinangalatan, at aking ibibigay sa inyo ang lupain ng
Israel. 18 At sila'y magsisiparoon, at kanilang aalisin ang
lahat na karumaldumal na bagay niyaon, at ang lahat ng
kasuklamsuklam niyaon, mula roon. 19 At aking bibigyan
sila ng isang puso, at aking lalagyan ng bagong diwa ang
loob ninyo; at aking aalisin ang batong puso sa kanilang
laman, at aking bibigyan sila ng pusong laman; 20 Upang
sila'y magsilakad sa aking mga palatuntunan, at ganapin
ang aking mga kahatulan at isagawa: at sila'y magiging
aking bayan, at ako'y magiging kanilang Dios. 21 Nguni't
tungkol sa kanila na ang puso ay nagsisunod ayon sa
kanilang mga karumaldumal na bagay, at sa kanilang mga
kasuklamsuklam, aking pararatingin ang kanilang lakad sa
kanilang sariling mga ulo, sabi ng Panginoong Dios. 22 Nang
magkagayo'y itinaas ng mga kerubin ang kanilang mga
pakpak, at ang mga gulong ay nangasa siping nila; at ang
kaluwalhatian ng Dios ng Israel ay nasa itaas ng mga yaon.
23 At ang kaluwalhatian ng Panginoon ay napailanglang
mula sa pinakaloob ng bayan, lumagay sa ibabaw ng
bundok na nasa dakong silanganan ng bayan. 24 At itinaas
ako ng Espiritu, at dinala ako sa pangitain sa Caldea sa
pamamagitan ng Espiritu ng Dios, sa kanila na mga bihag.
Sa gayo'y ang pangitain na aking nakita ay napaitaas mula
sa akin. 25 Nang magkagayo'y sinalita ko sa kanila na mga
bihag ang lahat na bagay na ipinakita sa akin ng Panginoon.

**12** Ang salita rin ng Panginoon ay dumating sa akin,
na nagsasabi, 2 Anak ng tao, ikaw ay tumatahan sa
gitna ng mapanghimagsik na sangbahayan, na may mga
mata na maititingin, at hindi nagsisitingin, na may mga
pakinig na maipakikinig, at hindi nangakikinig; sapagka't
sila'y isang mapanghimagsik na sangbahayan. 3 Kaya't
ikaw na anak ng tao, maghanda ka ng daladalahan sa
paglipat, at ikaw ay lumipat sa araw sa kanilang paningin;
at ikaw ay lumipat mula sa iyong dako hanggang sa ibang
dako sa kanilang paningin: baka sakaling sila'y magbulay,
bagaman sila'y mapanghimagsik na sangbahayan. 4 At
iyong ilalabas ang iyong daladalahan sa araw sa kanilang
paningin, na parang daladalahan sa paglipat; at ikaw ay
lalabas sa hapon sa kanilang paningin, na gaya ng kung
ang mga tao ay nangapasasa pagkatapon. 5 Bumutas ka
sa pader sa kanilang paningin, at iyong ilabas doon. 6 Sa
kanilang paningin ay iyong papasanin sa iyong balikat, at
ilalabas sa pagdilim; iyong tatakpan ang iyong mukha, upang
huwag mong makita ang lupa: sapagka't inilagay kita na
pinakatanda sa sangbahayan ni Israel. 7 At aking ginawang
gayon na gaya ng iniutos sa akin: aking inilabas ang aking
daladalahan sa araw, na gaya ng daladalahan sa paglipat, at
sa hapon ay bumutas ako ng aking kamay sa pader; aking
inilabas sa dilim, at pinasan ko sa aking balikat sa kanilang
paningin. 8 At nang kinaumagahan ay dumating ang salita
ng Panginoon sa akin, na nagsasabi, 9 Anak ng tao, hindi
baga ang sangbahayan ni Israel na mapanghimagsik na
sangbahayan, ay nagsabi sa iyo, Anong ginagawa mo?
10 Sabihin mo sa kanila, Ganito ang sabi ng Panginoong
Dios, Ang hulang ito ay tungkol sa prinsipe sa Jerusalem, at
sa buong sangbahayan ni Israel na kinalalakipan nila. 11
Sabihin mo, Ako'y inyong tanda: kung ano ang aking ginawa,
gayon ang gagawin sa kanila: sila'y mapapasa pagkatapon,
sa pagkabihag. 12 At ang prinsipe na nasa gitna nila ay
magpapasan sa kaniyang balikat sa pagdilim, at lalabas:
sila'y magsisibutas sa pader upang ilabas doon: siya'y
magtatakip ng kaniyang mukha, sapagka't hindi niya makikita
ang lupa ng kaniyang mga mata. 13 Ang akin namang panilo
ay aking ilaladlad sa kaniya, at siya'y mahuhuli sa aking
silo; at aking dadalhin siya sa Babilonia sa lupain ng mga
Caldeo; gayon ma'y hindi niya makikita, bagaman siya'y
mamamatay roon. 14 At aking pangangalatin sa bawa't

dako ang lahat na nangasa palibot niya na nagsisitulong sa
kaniya, at ang lahat niyang mga pulutong; at aking huhugutin
ang tabak sa likuran nila. 15 At kanilang malalaman na ako
ang Panginoon, pagka sila'y aking pinanabog sa gitna ng
mga bansa, at aking pinangalat sa mga lupain. 16 Nguni't
magiiwan ako ng kaunting lalake sa kanila, na maiiwan ng
tabak, ng kagutom, at ng salot, upang kanilang maipahayag
ang lahat na kanilang kasuklamsuklam sa gitna ng mga
bansa na kanilang pinaroroonan; at kanilang malalaman na
ako ang Panginoon. 17 Bukod dito'y ang salita ng Panginoon
ay dumating sa akin, na nagsasabi, 18 Anak ng tao, kanin
mo ang iyong tinapay na may panginginig, at inumin mo
ang iyong tubig na may pangangatal at may pagkatakot;
19 At sabihin mo sa bayan ng lupain, Ganito ang sabi ng
Panginoong Dios tungkol sa mga nananahan sa Jerusalem,
at sa lupain ng Israel. Sila'y magsisikain ng kanilang tinapay
na may pagkatakot, at nanglulupaypay na iinom ng tubig,
upang ang kaniyang lupain ay masira na mawawalan ng
lahat na nandoon, dahil sa pangdadahas nilang lahat na
nagsisitahan doon. 20 At ang mga bayan na tinatahanan ay
mawawasak, at ang lupain ay masisira; at inyong malalaman
na ako ang Panginoon. 21 At ang salita ng Panginoon ay
dumating sa akin, na nagsasabi, 22 Anak ng tao, ano ang
kawikaang ito na sinasambit ninyo sa lupain ng Israel, na
sinasabi, Ang mga kaarawan ay tumatagal, at ang bawa't
pangitain ay nabubulaanan? 23 Saysayin mo nga sa kanila,
Ganito ang sabi ng Panginoong Dios, Aking papaglilikatin
ang kawikaang ito, at hindi na sasambitin pang parang
kawikaan sa Israel; kundi sabihin mo nga sa kanila, Ang
mga kaarawan ay malapit na, at ang pagtupad ng lahat na
pangitain. 24 Sapagka't hindi na magkakaroon pa ng walang
kabuluhang pangitain o ng di tunay na panghuhula sa loob
ng sangbahayan ni Israel. 25 Sapagka't ako ang Panginoon:
ako'y magsasalita, at ang salita na aking sasalitain ay
matutupad: hindi na magluluwat pa: sapagka't sa inyong
mga kaarawan, Oh mapanghimagsik na sangbahayan, aking
sasalitain ang salita, at aking tutuparin, sabi ng Panginoong
Dios. 26 Muling ang salita ng Panginoon ay dumating sa
akin, na nagsasabi, 27 Anak ng tao, narito, silang nasa
sangbahayan ni Israel ay nagsasabi, Ang pangitain na
kaniyang nakikita ay sa malaong mga araw na darating, at
nanghuhula ng mga panahong malayo. 28 Kaya't sabihin mo
sa kanila, Ganito ang sabi ng Panginoong Dios, Wala nang
magluluwat pa sa aking mga salita, kundi ang salita na aking
sasalitain ay matutupad, sabi ng Panginoon.

**13** At ang salita ng Panginoon ay dumating sa akin, na
nagsasabi, 2 Anak ng tao, manghula ka laban sa
mga propeta ng Israel na nanganghuhula, at sabihin mo
sa kanila na nanganghuhula ng mula sa kanilang sariling
puso, Pakinggan ninyo ang salita ng Panginoon: 3 Ganito
ang sabi ng Panginoong Dios, Sa aba ng mga hangal na
mga propeta, na nagsisisunod sa kanilang sariling diwa,
at walang nakitang anoman! 4 Oh Israel, ang iyong mga
propeta ay naging parang mga zorra sa mga gibang dako.
5 Kayo'y hindi sumampa sa mga sira, o iginawa man
ninyo ng kuta ang sangbahayan ni Israel, upang siya'y
makatayo sa pakikipagbaka sa kaarawan ng Panginoon. 6
Sila'y nangakakita ng walang kabuluhan, at sinungaling na
panghuhula, na nagsasabi, Sabi ng Panginoon; at hindi sila
sinugo ng Panginoon; at kanilang pinaasa ang mga tao na
ang salita ay magiging totoo. 7 Hindi baga kayo nakakita ng
walang kabuluhang pangitain, at hindi baga kayo nagsalita ng
kasinungalingang panghuhula, sa inyong pagsasabi, Sabi ng
Panginoon; yamang hindi ko sinalita? 8 Kaya't ganito ang sabi
ng Panginoong Dios, Sapagka't kayo'y nangagsasalita ng
walang kabuluhan, at nangakakita ng mga kasinungalingan,
kaya't, narito, ako'y laban sa inyo, sabi ng Panginoong Dios.
9 At ang aking kamay ay magiging laban sa mga propeta na
nangakakakita ng walang kabuluhan, at nanganghuhula ng
mga kasinungalingan: sila'y hindi mapapasa kapulungan ng
aking bayan, o masusulat man sa pasulatan ng sangbahayan
ni Israel, o sila man ay magsisipasok sa lupain ng Israel;
at inyong malalaman na ako ang Panginoong Dios. 10
Sapagka't, sa makatuwid baga'y sapagka't kanilang hinikayat
ang aking bayan, na nangagsabi, Kapayapaan; at walang
kapayapaan; at pagka ang isa ay nagtatayo ng isang kuta,
narito, kanilang tinatapalan ng masamang argamasa: 11
Sabihin mo sa kanila na nangagtatapal ng masamang
argamasa, na yao'y mababagsak: magkakaroon ng bugso
ng ulan; at kayo. Oh malalaking granizo, ay babagsak; at
isang unos na hangin ay titibag niyaon. 12 Narito, pagka
ang kuta ay nabagsak, hindi baga sasabihin sa inyo: Saan
nandoon ang tapal na inyong itinapal? 13 Kaya't ganito ang
sabi ng Panginoong Dios, Akin ngang titibagin ng unos na
hangin sa aking kapusukan; at magkakaroon ng bugso ng
ulan sa aking pagkagalit, at malalaking mga granizo sa
kapusukan upang tunawin. 14 Gayon ko ibabagsak ang
kuta na inyong tinapalan ng masamang argamasa, at aking
ilalagpak sa lupa, na anopa't ang pinagsasaligan niyaon ay
malilitaw: at mababagsak, at kayo'y malilipol sa gitna niyaon;
at inyong malalaman na ako ang Panginoon. 15 Ganito ko
wawakasan ang aking kapusukan sa kuta, at sa nangagtapal
ng masamang argamasa; at sasabihin ko sa iyo, Ang kuta ay
wala na, o ang nangagtatapal man; 16 Sa makatuwid baga'y
ang mga propeta ng Israel, na nanganghuhula tungkol sa
Jerusalem, at nangakakakita ng pangitaing kapayapaan para
sa bayan, at walang kapayapaan, sabi ng Panginoong Dios.
17 At ikaw, anak ng tao, itingin mo ang iyong mukha laban sa

mga anak na babae ng iyong bayan, na nanganghuhula ng
mula sa kanilang sariling puso; at manghula ka laban sa
kanila, 18 At iyong sabihin, ganito ang sabi ng Panginoong
Dios, Sa aba ng mga babae na nangananahi ng mga
unan sa lahat ng siko, at nagsisigawa ng mga lambong na
ukol sa ulo ng iba't ibang sukat upang manghuli ng mga
kaluluwa! Hahanapin baga ninyo ang mga kaluluwa ng aking
bayan, at mangagliligtas na buhay ng mga kaluluwa sa
ganang inyong sarili? 19 At inyong nilapastangan ako sa
gitna ng aking bayan dahil sa mga dakot na cebada, at
dahil sa mga putol ng tinapay, upang ipahamak ang mga
kaluluwa na hindi marapat mamatay, at upang iligtas na
buhay ang mga kaluluwa na hindi marapat mabuhay, sa
pamamagitan ng inyong pagbubulaan sa aking bayan na
nakikinig sa mga kasinungalingan. 20 Kaya't ganito ang
sabi ng Panginoong Dios, Narito, ako'y laban sa inyong
mga unan, na inyong ipinanghahanap ng mga kaluluwa, na
paliparin sila, at aking mga lalabnutin sa inyong mga kamay;
at aking pawawalan ang mga kaluluwa, sa makatuwid
baga'y ang mga kaluluwa na inyong hinahanap upang
paliparin. 21 Ang inyo namang mga lambong ay aking
lalabnutin, at ililigtas ko ang aking bayan sa inyong kamay,
at hindi na sila mangapapasa inyong kamay na mahanap; at
inyong malalaman na ako ang Panginoon. 22 Sapagka't
sa pamamagitan ng kasinungalingan ay inyong pinighati
ang puso ng matuwid, na hindi ko pinalungkot, at inyong
pinalakas ang kamay ng masama, upang huwag humiwalay
sa kaniyang masamang lakad, at maligtas na buhay; 23
Kaya't hindi na kayo mangakakakita ng walang kabuluhang
pangitain o manganghuhula man ng mga panghuhula: at
aking ililigtas ang aking bayan mula sa inyong kamay; at
inyong malalaman na ako ang Panginoon.

**14** Nang magkagayo'y lumapit sa akin ang ilan sa mga
matanda sa Israel, at nangaupo sa harap ko. 2 At ang
salita ng Panginoon ay dumating sa akin na nagsasabi, 3
Anak ng tao, tinaglay ng mga lalaking ito ang kanilang mga
diosdiosan sa kanilang puso, at inilagay ang katitisuran ng
kanilang kasamaan sa harap ng kanilang mukha: dapat
bagang sanggunian nila ako? 4 Kaya't salitain mo sa kanila,
at sabihin mo sa kanila, Ganito ang sabi ng Panginoong
Dios, Bawa't tao sa sangbahayan ni Israel na nagtataglay ng
kaniyang mga diosdiosan sa kaniyang puso, at naglalagay
ng katitisuran ng kaniyang kasamaan sa harap ng kaniyang
mukha, at naparoroon sa propeta; akong Panginoon ay
sasagot sa kaniya roon ng ayon sa karamihan ng kaniyang
mga diosdiosan; 5 Upang aking makuha ang sangbahayan
ni Israel sa kanilang sariling puso sapagka't silang lahat
ay nagsilayo sa akin dahil sa kanilang mga diosdiosan. 6
Kaya't sabihin mo sa sangbahayan ni Israel, Ganito ang
sabi ng Panginoong Dios, Mangagbalik-loob kayo, at kayo'y
magsitalikod sa inyong mga diosdiosan; at ihiwalay ninyo
ang inyong mga mukha sa lahat ninyong kasuklamsuklam. 7
Sapagka't bawa't tao sa sangbahayan ni Israel, o sa mga
taga ibang lupa na nangananahan sa Israel, na humihiwalay
ng kaniyang sarili sa akin, at nagtataglay ng kaniyang mga
diosdiosan sa kaniyang puso, at naglalagay ng katitisuran
ng kaniyang kasamaan sa harap ng kaniyang mukha, at
naparoroon sa propeta upang magusisa sa akin tungkol sa
kaniyang sarili; akong Panginoon ang sasagot sa kaniya: 8
At aking ititingin ang aking mukha laban sa taong yaon, at
aking gagawin siyang katigilan, na pinakatanda at pinaka
kawikaan, at aking ihihiwalay siya sa gitna ng aking bayan;
at inyong malalaman na ako ang Panginoon. 9 At kung
ang propeta ay madaya at magsalita ng isang salita, akong
Panginoon ang dumaya sa propetang yaon, at aking iuunat
ang aking kamay sa kaniya, at papatayin ko siya mula sa
gitna ng aking bayang Israel. 10 At kanilang dadanasin
ang kanilang kasamaan: ang kasamaan ng propeta ay
magiging gaya nga ng kasamaan niya na humahanap sa
kaniya; 11 Upang ang sangbahayan ni Israel ay huwag
nang maligaw pa sa akin, o mahawa pa man sa lahat nilang
pagsalangsang; kundi upang sila'y maging aking bayan, at
ako'y maging kanilang Dios, sabi ng Panginoong Dios. 12 At
ang salita ng Panginoon ay dumating sa akin, na nagsasabi,
13 Anak ng tao, pagka ang isang lupain ay nagkasala laban
sa akin ng pagsalangsang, at aking iniunat ang aking kamay
roon, at aking binali ang tungkod ng tinapay niyaon, at
nagsugo ako ng kagutom doon, at aking inihiwalay roon ang
tao at hayop; 14 Bagaman ang tatlong lalaking ito, na si Noe,
si Daniel at si Job, ay nangandoon, ang kanila lamang ililigtas
ay ang kanilang sariling mga kaluluwa, sa pamamagitan ng
kanilang katuwiran, sabi ng Panginoong Dios. 15 Kung aking
paraanin ang mga mabangis na hayop sa lupain, at kanilang
sirain, at ito'y magiba na anopa't walang taong makadaan
dahil sa mga hayop; 16 Bagaman ang tatlong lalaking ito ay
nangandoon, buhay ako, sabi ng Panginoong Dios, hindi
sila mangagliligtas ng mga anak na lalake o babae man;
sila lamang ang maliligtas, nguni't ang lupain ay masisira.
17 O kung ako'y magpasapit ng tabak sa lupaing yaon, at
aking sabihin, Tabak, dumaan ka sa lupain; na anopa't aking
ihiwalay roon ang tao at hayop; 18 Bagaman ang tatlong
lalaking ito ay nangandoon, buhay ako, sabi ng Panginoong
Dios, sila'y hindi mangagliligtas ng mga anak na lalake o
babae man, kundi sila lamang ang maliligtas. 19 O kung
ako'y magsugo ng salot sa lupaing yaon, at aking ibugso
ang aking kapusukan sa kaniya na may kabagsikan, upang
ihiwalay ang tao't hayop; 20 Bagaman si Noe, si Daniel, at
si Job, ay nangandoon, buhay ako, sabi ng Panginoong

Dios, hindi sila mangagliligtas ng mga anak na lalake o
babae man; ang kanila lamang ililigtas ay ang kanilang
sariling kaluluwa sa pamamagitan ng kanilang katuwiran. 21
Sapagka't ganito ang sabi ng Panginoong Dios, Gaano pa
nga kaya kung aking pasapitin ang aking apat na mahigpit
na kahatulan sa Jerusalem, ang tabak, at ang kagutom, at
ang mabangis na hayop, at ang salot, upang ihiwalay roon
ang tao at hayop? 22 Gayon ma'y, narito, doo'y maiiwan ang
isang nalabi na ilalabas, mga anak na lalake at sangpu ng
babae: narito, kanilang lalabasin kayo, at inyong makikita
ang kanilang mga lakad at ang kanilang mga gawa; at kayo'y
mangaaaliw tungkol sa kasamaan na aking pinasapit sa
Jerusalem, tungkol sa lahat na aking pinasapit doon. 23 At
kanilang aaliwin kayo pagka nakikita ninyo ang kanilang
lakad at ang kanilang mga gawa at inyong makikilala na
hindi ko ginawang walang kadahilanan ang lahat na aking
ginawa roon, sabi ng Panginoong Dios.

**15** At ang salita ng Panginoon ay dumating sa akin, na
nagsasabi. 2 Anak ng tao, ano ang higit ng puno
ng baging kay sa alin mang puno ng kahoy, ng sanga ng
puno ng baging na nasa gitna ng mga punong kahoy sa
gubat? 3 Makakakuha baga ng kahoy doon upang gawing
anomang kayarian? o makakakuha baga roon ang mga tao
ng tulos upang mapagsabitan ng anomang kasangkapan? 4
Narito, inihahagis sa apoy na parang panggatong; sinusupok
ng apoy ang dalawang dulo niyaon, at ang gitna niyao'y
nasusunog; magagamit baga sa anomang gawain? 5 Narito,
ng buo pa, hindi nagagamit sa anomang gawain: gaano pa
nga kaya, pagka nasupok ng apoy, at nasunog, magagamit
pa baga sa anomang gawain? 6 Kaya't ganito ang sabi
ng Panginoong Dios, Kung paano ang puno ng baging sa
gitna ng mga puno ng kahoy sa gubat, na aking ibinigay sa
apoy na panggatong, gayon ko ibibigay ang mga nananahan
sa Jerusalem. 7 At aking ititingin ang aking mukha laban
sa kanila: sila'y magsisilabas sa apoy, nguni't susupukin
sila ng apoy; at inyong malalaman na ako ang Panginoon,
pagka aking itiningin ang aking mukha laban sa kanila. 8
At aking sisirain ang lupain, sapagka't sila'y gumawa ng
pagsalangsang, sabi ng Panginoong Dios.

**16** Muling ang salita ng Panginoon ay dumating sa akin,
na nagsasabi. 2 Anak ng tao, ipakilala mo sa Jerusalem
ang kaniyang mga kasuklamsuklam. 3 At sabihin mo, Ganito
ang sabi ng Panginoong Dios sa Jerusalem: Ang iyong
pinagmulan at ang iyong kapanganakan ay ang lupain ng
Cananeo; ang Amorrheo ay iyong Ama, at ang iyong ina ay
Hethea. 4 At tungkol sa iyong kapanganakan, nang araw
na ikaw ay ipanganak ay hindi naputol ang iyong pusod,
o napaliguan ka man sa tubig upang linisin ka; ikaw ay
hindi pinahiran ng asin, o nabalot man. 5 Walang matang
nahabag sa iyo; upang gawin ang anoman sa mga ito sa iyo,
na maawa sa iyo; kundi ikaw ay nahagis sa luwal na parang,
sapagka't ang iyong pagkatao ay itinakuwil, nang araw na
ikaw ay ipanganak. 6 At nang ako'y dumaan sa tabi mo, at
makita kita na nagugumon sa iyong dugo, sinabi ko sa iyo,
Bagaman ikaw ay nagugumon sa iyong dugo, mabuhay ka:
oo, sinabi ko sa iyo, Bagaman ikaw ay nagugumon sa iyong
dugo, mabuhay ka. 7 Pinarami kita na parang damo sa
parang, at ikaw ay kumapal at dumakilang mainam, at ikaw
ay nagtamo ng mainam na kagayakan: ang iyong dibdib ay
naganyo, at ang iyong buhok ay lumago; gayon ma'y ikaw
ay hubo at hubad. 8 Nang ako nga'y magdaan sa tabi mo,
at tumingin sa iyo, narito, ang iyong panahon ay panahon
ng pagibig; at aking iniladlad ang aking balabal sa iyo, at
tinakpan ko ang iyong kahubaran: oo, ako'y sumumpa sa
iyo, at nakipagtipan sa iyo, sabi ng Panginoong Dios, at
ikaw ay naging akin. 9 Nang magkagayo'y pinaliguan kita
ng tubig; oo, aking nilinis na mainam ang iyong dugo, at
pinahiran kita ng langis. 10 Binihisan din naman kita ng
yaring may burda, at sinapatusan kita ng balat ng foka,
at binigkisan kita sa palibot ng mainam na kayong lino,
at binalot kita ng sutla. 11 Ginayakan din naman kita ng
hiyas, at nilagyan ko ng mga pulsera ang iyong mga kamay,
at ng isang kuwintas ang iyong leeg. 12 At nilagyan ko
ng hikaw ang iyong ilong, at ng mga hikaw ang iyong
mga tainga, at isang magandang putong ang iyong ulo. 13
Ganito ka nagayakan ng ginto at pilak; at ang iyong damit
ay mainam na kayong lino, at sutla at yaring may burda;
ikaw ay kumain ng mainam na harina, at ng pulot, at ng
langis; at ikaw ay lubhang maganda, at ikaw ay guminhawa
sa kalagayang pagkahari. 14 At ang iyong kabantugan ay
nangalat sa gitna ng mga bansa dahil sa iyong kagandahan;
sapagka't naging sakdal dahil sa aking kamahalan na aking
inilagay sa iyo, sabi ng Panginoong Dios. 15 Nguni't ikaw
ay tumiwala sa iyong kagandahan, at nagpatutot dahil sa
iyong kabantugan, at ikinalat mo ang iyong mga pakikiapid
sa bawa't nagdaraan; yao'y kaniya nga. 16 At kinuha mo
ang iyong mga suot, at ginawa mo para sa iyo ang mga
mataas na dako na kagayakan na may sarisaring kulay,
at nagpatutot sa kanila: ang gayong mga bagay ay hindi
na darating, o mangyayari pa man. 17 Kinuha mo naman
ang iyong mga magandang hiyas na ginto at pilak, na aking
ibinigay sa iyo, at ginawa mo sa iyo ng mga larawan ng mga
tao, at iyong ipinagpatutot sa kanila; 18 At iyong kinuha ang
iyong mga bihisang may burda, at ibinalot mo sa kanila, at
inilagay mo ang aking langis at ang aking kamangyan sa
harap nila. 19 Ang aking tinapay naman na aking ibinigay sa
iyo, mainam na harina, at langis, pulot, na aking ipinakain

sa iyo, iyong inilagay nga sa harap nila na pinakamasarap
na amoy; at ganito nangyari, sabi ng Panginoong Dios. 20
Bukod dito'y kinuha mo ang iyong mga anak na lalake at
babae, na iyong ipinanganak sa akin, at ang mga ito ay
iyong inihain sa kanila upang lamunin. Ang iyo bagang mga
pakikiapid ay maliit na bagay. 21 Na iyong pinatay ang aking
mga anak, at iyong ibinigay sila na pinararaan sila sa apoy?
22 At sa lahat ng iyong mga kasuklamsuklam, at ng iyong
mga pakikiapid hindi mo inalaala ang mga kaarawan ng
iyong kabataan, nang ikaw ay hubo at hubad, at nagugumon
sa iyong dugo. 23 At nangyari, pagkatapos ng iyong buong
kasamaan (sa aba, sa aba mo! sabi ng Panginoong Dios),
24 Na ikaw ay nagtayo para sa iyo ng isang matayog na
dako, at gumawa ka para sa iyo ng mataas na dako sa
bawa't lansangan. 25 Itinayo mo ang iyong mataas na dako
sa bawa't bukana ng daan, at ginawa mong kasuklamsuklam
ang iyong kagandahan, at ibinuka mo ang iyong mga paa sa
bawa't nagdaraan, at pinarami mo ang iyong pakikiapid. 26
Ikaw naman ay nakiapid din sa mga taga Egipto, na iyong
mga kalapit bayan, na malaki sa pangangatawan; at iyong
pinarami ang iyong pakikiapid upang mungkahiin mo ako sa
galit. 27 Narito nga, iniunat ko ang aking kamay sa iyo, at
binawasan ko ang iyong karaniwang pagkain, at ibinigay
kita sa balang maibigan ng nangagtatanim sa iyo, na mga
anak na babae ng mga Filisteo, na nangapapahiya sa iyong
kalibugan. 28 Ikaw naman ay nagpatutot din sa mga taga
Asiria, sapagka't ikaw ay hindi nasisiyahan: oo, ikaw ay
nagpatutot sa kanila, at gayon ma'y hindi ka nasisiyahan.
29 Bukod dito'y iyong pinarami ang iyong pakikiapid sa
lupain ng Canaan, hanggang sa Caldea; at gayon ma'y hindi
ka nasisiyahan. 30 Pagkahinahina ng iyong loob, sabi ng
Panginoong Dios, palibhasa'y iyong ginagawa ang lahat na
bagay na ito, na gawa ng isang hambog na patutot: 31 Sa
iyong pagtatayo ng iyong matayog na dako sa bukana ng
bawa't daan, at ginagawa mo ang iyong mataas na dako
sa bawa't lansangan; at hindi ka naging gaya ng isang
patutot sa iyong pagwawalang kabuluhan ng upa. 32 Isang
babae na napakakalunya! na tumatanggap sa iba na kahalili
ng kaniyang asawa! 33 Sila'y nagbibigay ng mga kaloob
sa lahat ng mga patutot: nguni't ikaw ay nagbibigay ng
iyong mga kaloob sa lahat na mangliligaw sa iyo, at iyong
sinusuhulan sila, upang sila'y magsilapit sa iyo sa bawa't
dako, dahil sa iyong mga pakikiapid. 34 At ang kaibahan ng
ibang mga babae ay nasa iyo sa iyong mga pakikiapid, sa
paraang walang sumusunod sa iyo upang makiapid: at sa
iyong pagbibigay ng upa, at walang upa na ibinibigay sa iyo,
kaya't ikaw ay kaiba. 35 Kaya't, Oh patutot, pakinggan mo
ang salita ng Panginoon: 36 Ganito ang sabi ng Panginoong
Dios, Sapagka't ang iyong karumihan ay nahayag, at ang
iyong kahubaran ay nalitaw sa iyong mga pakikiapid sa mga
mangliligaw sa iyo; at dahil sa lahat ng diosdiosan na iyong
mga kasuklamsuklam, at dahil sa dugo ng iyong mga anak,
na iyong ibinigay sa kanila; 37 Kaya't, narito, aking pipisanin
ang lahat na mangingibig sa iyo, na iyong pinagkaroonan
ng kalayawan, at lahat ng iyong inibig, sangpu ng lahat na
iyong kinapuotan; akin ngang pipisanin sila laban sa iyo
sa bawa't dako, at aking ililitaw ang iyong kahubaran sa
kanila, upang kanilang makita ang iyong buong kahubaran.
38 At aking hahatulan ka na gaya ng hatol sa mga babaing
nangangalunya at nagbububo ng dugo; at aking dadalhin sa
iyo ang dugo ng kapusukan at ng paninibugho. 39 Ikaw ay
ibibigay ko rin sa kanilang kamay, at kanilang ibabagsak ang
iyong matayog na dako, at igigiba ang iyong mga mataas
na dako, at kanilang huhubaran ka ng iyong mga suot, at
kukunin ang iyong magandang mga hiyas; at kanilang iiwan
ka na hubo at hubad. 40 Sila naman ay mangagaahon ng
isang pulutong laban sa iyo, at babatuhin ka nila ng mga
bato, at palalagpasan ka ng kanilang mga tabak. 41 At
susunugin nila ng apoy ang iyong mga bahay, at maglalapat
ng mga kahatulan sa iyo sa paningin ng maraming babae; at
aking patitigilin ka sa pagpapapatutot, at ikaw naman ay
hindi na magbibigay pa ng upa. 42 Sa gayo'y aking papawiin
ang aking kapusukan sa iyo, at ang aking paninibugho ay
hihiwalay sa iyo, at ako'y matatahimik, at hindi na magagalit
pa. 43 Sapagka't hindi mo naalaala ang mga kaarawan ng
iyong kabataan, kundi ako'y pinapagiinit mo sa lahat ng mga
bagay na ito; kaya't, narito, akin namang pararatingin ang
iyong lakad sa iyong ulo, sabi ng Panginoong Dios: at hindi
ka na gagawa ng kahalayang ito, na higit kay sa lahat ng
iyong mga kasuklamsuklam. 44 Narito, bawa't sumasambit
ng mga kawikaan ay sasambitin ang kawikaang ito laban sa
iyo, na sasabihin, Kung ano ang ina, gayon ang kaniyang
anak na babae. 45 Ikaw ang anak na babae ng iyong ina, na
nagtakuwil ng kaniyang asawa at ng kaniyang mga anak;
at ikaw ang kapatid ng iyong mga kapatid, na nagtakuwil
ng kanilang mga asawa at ng kanilang mga anak: ang
inyong ina ay Hetea, at ang inyong ama ay Amorrheo. 46 At
ang iyong panganay na kapatid na babae ay ang Samaria
na tumatahan sa iyong kaliwa, siya at ang kaniyang mga
anak na babae; at ang iyong bunsong kapatid na babae na
tumatahan sa iyong kanan ay Sodoma at ang kaniyang mga
anak. 47 Gayon ma'y hindi ka lumakad sa kanilang mga
lakad, o gumawa man ng ayon sa kanilang kasuklamsuklam,
kundi wari napakaliit na bagay, ikaw ay hamak na higit kay
sa kanila sa lahat ng iyong mga lakad. 48 Buhay ako, sabi ng
Panginoong Dios, ang Sodoma na iyong kapatid na babae
ay hindi gumawa, siya o ang kaniyang mga anak na babae
man, na gaya ng iyong ginawa, ng ginawa mo, at ng iyong

mga anak na babae. 49 Narito, ito ang kasamaan ng iyong
kapatid na babae na Sodoma; kapalaluan, kayamuan sa
tinapay, at ang malabis na kapahingahan ay nasa kaniya at
sa kaniyang mga anak na babae; at hindi man niya pinalakas
ang kamay ng dukha at mapagkailangan. 50 At sila'y palalo
at gumawa ng kasuklamsuklam sa harap ko: kaya't aking
inalis sila, ayon sa aking minagaling. 51 Kahit ang Samaria
ay hindi nakagawa ng kalahati ng iyong mga kasalanan,
nguni't pinarami mo ang iyong mga kasuklamsuklam na higit
kay sa kanila, at iyong pinabuti ang iyong mga kapatid na
babae sa pamamagitan ng lahat mong mga kasuklamsuklam
na iyong ginawa. 52 Ikaw rin naman, taglayin mo ang iyong
sariling kahihiyan, sa iyong paglalapat ng kahatulan sa iyong
mga kapatid na babae; sa iyong mga kasalanan na iyong
nagawa na higit na kasuklamsuklam kay sa kanila, sila'y
lalong matuwid kay sa iyo: oo, malito ka, at taglayin mo
ang iyong kahihiyan, sa iyong pagpapabuti sa iyong mga
kapatid na babae. 53 At aking panunumbalikin uli sila mula
sa kanilang pagkabihag, sa pagkabihag ng Sodoma at ng
kaniyang mga anak na babae, at sa pagkabihag ng Samaria
at ng kaniyang mga anak na babae, at sa pagkabihag ng
iyong mga bihag sa gitna nila. 54 Upang iyong taglayin ang
iyong sariling kahihiyan, at ikaw ay mapahiya dahil sa lahat
na iyong ginawa sa iyong pagaliw sa kanila. 55 At ang iyong
mga kapatid na babae ang Sodoma at ang kaniyang mga
anak na babae mangagbabalik sa kanilang dating kalagayan;
at ang Samaria at ang kaniyang mga anak na babae ay
mangagbabalik sa kanilang dating kalagayan; at ikaw at
ang iyong mga anak ay mangagbabalik sa inyong dating
kalagayan. 56 Sapagka't ang iyong kapatid na babae na
Sodoma ay hindi nabanggit ng iyong bibig sa kaarawan ng
iyong kapalaluan; 57 Bago nalitaw ang iyong kasamaan, gaya
sa panahon ng kapulaan sa mga anak na babae ng Siria, at
sa lahat na nangasa palibot niya, na mga anak na babae
ng mga Filisteo, na siyang kumukutya sa iyo sa palibot. 58
Iyong isinagawa ang iyong kahalayan at ang iyong mga
kasuklamsuklam, sabi ng Panginoon. 59 Sapagka't ganito
ang sabi ng Panginoong Dios, Akin namang gagawin sa iyo
na gaya ng iyong ginawa, na iyong hinamak ang sumpa
sa pagsira ng tipan. 60 Gayon ma'y aalalahanin ko ang
aking tipan sa iyo nang mga kaarawan ng iyong kabataan,
at aking itatatag sa iyo ang isang walang hanggang tipan. 61
Kung magkagayo'y aalalahanin mo ang iyong mga lakad, at
mapapahiya ka, pagka iyong tatanggapin ang iyong mga
kapatid na babae, ang iyong mga matandang kapatid at
ang iyong batang kapatid: at aking ibibigay sila sa iyo na
mga pinakaanak na babae, nguni't hindi sa pamamagitan ng
iyong tipan. 62 At aking itatatag ang aking tipan sa iyo; at
iyong malalaman na ako ang Panginoon; 63 Upang iyong
maalaala, at malito ka, at kailan pa man ay hindi mo na
bukahin ang iyong bibig, dahil sa iyong kahihiyan, pagka
aking pinatawad ka ng lahat na iyong nagawa, sabi ng
Panginoong Dios.

**17** At ang salita ng Panginoon ay dumating sa akin,
na nagsasabi, 2 Anak ng tao, magbugtong ka, at
magsalita ka ng talinhaga sa sangbahayan ni Israel; 3 At
iyong sabihin, Ganito ang sabi ng Panginoong Dios, Isang
malaking aguila na may mga malaki at mahabang pakpak na
puno ng mga balahibo, na may sarisaring kulay, naparoon sa
Libano, at kinuha ang dulo ng cedro: 4 Kaniyang binali ang
pinakamataas na sariwang mga sanga niyaon, at dinala sa
isang lupain na kalakalan; inilagay niya sa isang bayan ng
mga mangangalakal. 5 Kumuha rin siya sa binhi ng lupain,
at itinanim sa isang mainam na lupa; itinanim niya sa tabi ng
maraming tubig; kaniyang itinanim na parang puno ng kahoy
na sauce. 6 At tumubo, at naging mayabong, na puno ng
baging na mababa, na ang mga sanga ay patungo sa dako
niya, at ang mga ugat niyao'y nasa ilalim niya; sa gayo'y
naging isang puno ng baging, at nagsanga, at nagsupling. 7
May iba namang malaking aguila na may mga malaking
pakpak at maraming balahibo: at, narito, ang puno ng baging
na ito ay pumihit ang mga ugat niyaon, sa dako niya, at
isinupling ang kaniyang mga sanga sa dako niya mula sa
mga pitak na kinatatamanan, upang kaniyang madilig. 8
Natanim sa isang mabuting lupa sa siping ng maraming
tubig, upang makapagsanga, at makapagbunga, upang
maging mabuting puno ng baging. 9 Sabihin mo, Ganito
ang sabi ng Panginoong Dios, Giginhawa baga yaon? hindi
baga niya bubunutin ang mga ugat niyaon, at kikitlin ang
bunga niyaon, upang matuyo; upang ang lahat na sariwang
ladlad na mga dahon niyaon ay mangatuyo? at hindi sa
pamamagitan ng malakas na bisig o maraming tao ay ito'y
mabubunot sa mga ugat. 10 Oo, narito, yamang natanim
ay giginhawa baga? hindi baga lubos na matutuyo pagka
nahipan siya ng hanging silanganan? matutuyo sa mga pitak
na tinubuan niya. 11 Bukod dito'y ang salita ng Panginoon
ay dumating sa akin, na nagsasabi: 12 Sabihin mo nga
sa mapanghimagsik na sangbahayan, Hindi baga ninyo
nalalaman ang kahulugan ng mga bagay na ito? saysayin
mo sa kanila, Narito, ang hari sa Babilonia ay dumating sa
Jerusalem, at kinuha ang hari niyaon, at ang mga prinsipe
niyaon, at dinala niya sa Babilonia. 13 At siya'y kumuha sa
lahing hari, at nakipagtipan siya sa kaniya: isinailalim din
niya siya sa panunumpa, at dinala ang mga dakila sa lupain;
14 Upang ang kaharian ay mababa, upang huwag makataas,
kundi sa pagiingat ng kaniyang tipan ay mapatayo. 15 Nguni't
siya'y nanghimagsik laban sa kaniya sa pagpapadala ng
kaniyang mga sugo sa Egipto, upang mabigyan nila siya

ng mga kabayo at maraming tao. Giginhawa baga siya?
makatatanan baga siya na gumagawa ng ganyang mga
bagay? makatatahan kaya siya na sumira ng tipan? **16**
Buhay ako, sabi ng Panginoong Dios, tunay na sa dakong
tinatahanan ng hari na pinaggawaan sa kaniyang hari, na
ang sumpa ay hinamak niya, at ang tipan ay sinira niya, siya
nga'y mamamatay sa gitna ng Babilonia na kasama niya. **17**
Kahit si Faraon man sangpu ng kaniyang makapangyarihang
hukbo at malaking pulutong sa pakikidigma ay walang
magagawa, pagka sila'y mangagtitindig ng mga bunton;
at mangagtatayo ng mga katibayan, upang pumatay ng
maraming mga tao. **18** Sapagka't kaniyang hinamak ang
sumpa sa pagsira ng tipan; at narito, naiabot na niya ang
kaniyang kamay, at gayon ma'y ginawa ang lahat na bagay
na ito; siya'y hindi makatatanan. **19** Kaya't ganito ang sabi
ng Panginoong Dios, Buhay ako, walang pagsalang ang
panunumpa sa akin na kaniyang hinamak, at ang tipan sa
akin na kaniyang sinira, aking pararatingin sa kaniyang
sariling ulo. **20** At aking ilalagay ang aking panilo sa kaniya,
at siya'y mahuhuli sa aking silo, at dadalhin ko siya sa
Babilonia, at siya'y aking hahatulan doon dahil sa kaniyang
pagsalangsang na kaniyang isinalangsang laban sa akin. **21**
At ang lahat niyang mga tanan sa lahat niyang pulutong ay
mangabubuwal sa pamamagitan ng tabak, at ang nalabi
ay mangangalat sa bawa't dako: at inyong malalaman na
akong Panginoon ang nagsalita niyaon. **22** Ganito ang sabi
ng Panginoong Dios, Kukuha naman ako sa dulo ng mataas
na cedro, at aking itatanim; sa pinakamataas ng kaniyang
sariwang sanga ay puputol ako ng supling, at aking itatanim
sa isang mataas na bundok at matayog: **23** Sa bundok na
kaitaasan ng Israel ay aking itatanim: at magsasanga at
magbubunga, at magiging mainam na cedro: at sa lilim
niyao'y tatahan ang lahat na ibon na ma'y iba't ibang uri;
sa lilim ng mga sanga niyaon magsisitahan sila. **24** At
ang lahat na punong kahoy sa parang ay makakaalam na
akong Panginoon ang nagbaba sa mataas na punong kahoy,
nagtaas sa mababang punong kahoy, tumuyo sa sariwang
punong kahoy, at nagpanariwa sa tuyong punong kahoy:
akong Panginoon ang nagsalita at gumawa niyaon.

**18** Ang salita ng Panginoon ay dumating uli sa akin, na
nagsasabi, **2** Anong ibig ninyong sabihin na inyong
sinasambit ang kawikaang ito tungkol sa lupain ng Israel, na
sinasabi, Kinain ng mga magulang ang mga maasim na ubas,
at ang mga ngipin ng mga anak ay nagsisipangilo? **3** Buhay
ako, sabi ng Panginoong Dios, hindi na ninyo sasambitin
pa ang kawikaang ito sa Israel. **4** Narito, lahat ng kaluluwa
ay akin; kung paano ang kaluluwa ng ama, gayon din ang
kaluluwa ng anak ay akin: ang kaluluwa na nagkakasala
ay mamamatay. **5** Nguni't kung ang isang tao ay maging
ganap, at gumawa ng tapat at matuwid, **6** At hindi kumain
sa mga bundok, o itinaas man ang kaniyang mga mata sa
mga diosdiosan ng sangbahayan ni Israel, o nadumhan
man ang asawa ng kaniyang kapuwa, o lumapit man sa
isang babae na may kapanahunan: **7** At hindi pumighati sa
kanino man, kundi nagsauli ng sangla sa mangungutang sa
kaniya, hindi sumamsam ng anoman sa pamamagitan ng
pangdadahas nagbigay ng kaniyang tinapay sa gutom, at
nagbalot ng kasuutan sa hubad; **8** Siya na hindi nagbigay
na may patubo, o kumuha man ng anomang pakinabang,
na iniurong ang kaniyang kamay sa kasamaan, gumawa
ng tunay na kahatulan sa tao't tao, **9** Lumakad ng ayon
sa aking mga palatuntunan, at nagingat ng aking mga
kahatulan upang gawing may katotohanan; siya'y ganap,
siya'y walang pagsalang mabubuhay, sabi ng Panginoong
Dios. **10** Kung siya'y magkaanak ng isang lalake na tulisan,
mangbububo ng dugo, at gumagawa ng alin man sa mga
ganitong bagay, **11** At hindi gumagawa ng alin man sa mga
katungkulang yaon, kundi kumain nga sa mga bundok, at
nadumhan ang asawa ng kaniyang kapuwa, **12** Pumighati
ng dukha at mapagkailangan, sumamsam sa pamamagitan
ng pangdadahas, hindi nagsauli ng sangla, at itinaas
ang kaniyang mga mata sa mga diosdiosan, gumawa ng
kasuklamsuklam. **13** Nagbigay na may patubo, at tumanggap
ng pakinabang; mabubuhay nga baga siya? siya'y hindi
mabubuhay: kaniyang ginawa ang lahat na kasuklamsuklam
na ito: siya'y walang pagsalang mamamatay; ang kaniyang
dugo ay sasa kaniya. **14** Ngayon, narito, kung siya'y
magkaanak ng isang lalake, na nakikita ang lahat na
kasalanan ng kaniyang ama na ginawa, at natatakot, at hindi
gumagawa ng gayon; **15** Na hindi kumain sa mga bundok, o
itinaas man ang kaniyang mga mata sa mga diosdiosan
ng sangbahayan ni Israel; hindi nadumhan ang asawa ng
kaniyang kapuwa, **16** O pumighati man sa kanino man,
hindi tumanggap ng anomang sangla, o sumamsam man sa
pamamagitan ng pangdadahas, kundi nagbigay ng kaniyang
tinapay sa gutom, at nagbalot ng kasuutan sa hubad; **17** Na
iniurong ang kaniyang kamay sa dukha, na hindi tumanggap
ng patubo o ng pakinabang man, ginawa ang aking mga
kahatulan, lumakad sa aking mga palatuntunan, hindi siya
mamamatay, ng dahil sa kasamaan ng kaniyang ama, siya'y
walang pagsalang mabubuhay. **18** Tungkol sa kaniyang ama,
sapagka't siya'y pumighating may kabagsikan, sumamsam
sa kaniyang kapatid sa pamamagitan ng pangdadahas, at
gumawa ng hindi mabuti sa gitna ng kaniyang bayan, narito
siya'y mamamatay sa kaniyang kasamaan. **19** Gayon ma'y
sinasabi ninyo, Bakit hindi dinadala ng anak ang kasamaan
ng ama? Pagka ginawa ng anak ang tapat at matuwid, at
nag-ingat ng lahat na aking palatuntunan, at isinagawa,

siya'y walang pagsalang mabubuhay. 20 Ang kaluluwa na
nagkakasala, mamamatay: ang anak ay hindi magdadanas
ng kasamaan ng ama, o magdadanas man ang ama ng
kasamaan ng anak; ang katuwiran ng matuwid ay sasa
kaniya, at ang kasamaan ng masama ay sasa kaniya.
21 Nguni't kung ang masama ay humiwalay sa kaniyang
lahat na kasalanan na kaniyang nagawa, at ingatan ang
lahat na aking mga palatuntunan, at gumawa ng tapat at
matuwid, siya'y walang pagsalang mabubuhay, siya'y hindi
mamamatay. 22 Wala sa kaniyang mga pagsalangsang na
nagawa niya na aalalahanin laban sa kaniya: sa kaniyang
katuwiran na kaniyang ginawa ay mabubuhay siya. 23
Mayroon baga akong anomang kasayahan sa kamatayan ng
masama? sabi ng Panginoong Dios: at hindi baga mabuti na
siya'y humiwalay sa kaniyang lakad, at mabuhay? 24 Nguni't
pagka ang matuwid ay humiwalay sa kaniyang katuwiran, at
gumagawa ng kasamaan, at gumagawa ng ayon sa lahat na
kasuklamsuklam na ginagawa ng masamang tao, mabubuhay
baga siya? Walang aalalahanin sa kaniyang mga matuwid
na gawa na kaniyang ginawa: sa kaniyang pagsalangsang
na kaniyang isinalangsang, at sa kaniyang kasalanan na
kaniyang ipinagkasala, sa mga yaon mamamatay siya. 25
Gayon ma'y inyong sinasabi, Ang daan ng Panginoon ay
hindi matuwid. Pakinggan mo ngayon, Oh sangbahayan ni
Israel, Hindi baga ang aking daan ay matuwid? hindi baga
ang iyong mga lakad ang di matuwid? 26 Pagka ang matuwid
ay humihiwalay sa kaniyang katuwiran, at gumagawa ng
kasamaan, at kinamamatayan; sa kasamaan na kaniyang
nagawa ay mamamatay siya. 27 Muli, pagka ang masama ay
humihiwalay sa kaniyang kasamaan na kaniyang nagawa, at
gumawa ng tapat at matuwid, kaniyang ililigtas na buhay
ang kaniyang kaluluwa. 28 Sapagka't siya'y nagmunimuni,
at humiwalay sa lahat niyang pagsalangsang na kaniyang
nagawa, siya'y walang pagsalang mabubuhay, siya'y hindi
mamamatay. 29 Gayon ma'y sabi ng sangbahayan ni Israel,
Ang daan ng Panginoon ay hindi matuwid. Oh sangbahayan
ni Israel, hindi baga ang aking mga daan ay matuwid?
hindi baga ang iyong mga lakad ay ang di matuwid? 30
Kaya't hahatulan ko kayo, Oh sangbahayan ni Israel, bawa't
isa'y ayon sa kaniyang mga lakad, sabi ng Panginoong
Dios. Kayo'y mangagbalik-loob, at magsihiwalay kayo sa
lahat ninyong pagsalangsang; sa gayo'y ang kasamaan ay
hindi magiging inyong kapahamakan. 31 Inyong iwaksi ang
lahat ninyong pagsalangsang, na inyong isinalangsang: at
kayo'y magbagong loob at magbagong diwa: sapagka't bakit
kayo mamamatay, Oh angkan ni Israel? 32 Sapagka't wala
akong kasayahan sa kamatayan niya na namamatay, sabi
ng Panginoong Dios: kaya't magsipagbalik-loob kayo, at
kayo'y mangabuhay.

19 Bukod dito'y magbadya ka ng isang taghoy na ukol
sa mga prinsipe sa Israel. 2 At iyong sabihin, naging
ano baga ang iyong ina? Isang leona: siya'y humiga sa
gitna ng mga leon, sa gitna ng mga batang leon, pinakain
niya ang kaniyang mga anak. 3 At pinalaki niya ang isa
sa kaniyang mga anak: yao'y naging isang batang leon, at
yao'y natuto na manghuli at lumamon ng mga tao. 4 Narinig
naman yaon ng mga bansa; yao'y nahuli sa kanilang hukay;
at dinala nila yaon na natatanikalaan sa lupain ng Egipto. 5
Nang makita nga niya na siya'y naghintay, at ang kaniyang
pagasa ay nawala, kumuha nga siya ng iba sa kaniyang
mga anak, at ginawang batang leon. 6 At yao'y nagpanhik
manaog sa gitna ng mga leon, yao'y naging batang leon;
at yao'y natuto na manghuli, at lumamon ng mga tao. 7
At naalaman niya ang kanilang mga palacio, at sinira ang
kanilang mga bayan; at ang lupain ay nagiba, at ang lahat
na nangandoon, dahil sa hugong ng kaniyang angal. 8 Nang
magkagayo'y nagsilagay ang mga bansa laban sa kaniya
sa bawa't dako na mula sa mga lalawigan; at ipinaglagay
nila siya ng panilo; nahuli siya sa kanilang hukay. 9 At may
tanikalang inilagay siya nila sa isang kulungan, at dinala nila
siya sa hari sa Babilonia; ipinasok nila siya sa katibayan,
upang ang kaniyang tinig ay huwag nang marinig sa mga
bundok ng Israel. 10 Ang inyong ina ay parang puno ng
ubas sa iyong dugo, na natanim sa tabi ng tubig: siya'y
mabunga at puno ng mga sanga, dahil sa maraming tubig.
11 At siya'y nagkaroon ng mga matibay na tutungkurin na
magagawang mga cetro nila na nagpupuno, at ang kanilang
taas ay nataas sa mga masinsing sanga, at nangakita sa
kanilang taas dahil sa karamihan ng kanilang mga sanga. 12
Nguni't siya'y nabunot sa pag-aalab ng loob, siya'y nahagis
sa lupa, at tinuyo ng hanging silanganan ang bunga niya:
ang kaniyang mga matibay na tutungkurin ay nangabali at
nagsidupok; pinagsupok sa apoy. 13 At ngayo'y natanim siya
sa ilang, sa isang tuyo at uhaw na lupain. 14 At lumabas
ang apoy sa mga tutungkurin ng kaniyang mga sanga,
sinupok ang kaniyang bunga, na anopa't nawalan ng matibay
na tutungkurin na magiging cetro upang ipagpuno. Ito ay
panaghoy, at magiging pinakapanaghoy.

20 At nangyari nang ikapitong taon, nang ikalimang
buwan, nang ikasangpu ng buwan, na ang ilan sa
mga matanda ng Israel ay nagsiparoon na sumangguni sa
Panginoon, at nagsiupo sa harap ko. 2 At ang salita ng
Panginoon ay dumating sa akin, na nagsasabi, 3 Anak ng
tao, salitain mo sa mga matanda ng Israel, at sabihin mo sa
kanila, Ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Kayo baga'y
naparito upang sumangguni sa akin? Buhay ako, sabi ng
Panginoong Dios, hindi ako mapagsasanggunian ninyo. 4
Hahatulan mo baga sila, anak ng tao, hahatulan mo baga

sila? Ipakilala mo sa kanila ang mga kasuklamsuklam ng
kanilang mga magulang; 5 At sabihin mo sa kanila; Ganito
ang sabi ng Panginoong Dios: Nang araw na aking piliin ang
Israel, at itaas ko ang aking kamay sa lahi ng sangbahayan
ni Jacob, at pakilala ako sa kanila sa lupain ng Egipto, na
iginawad ko ang aking kamay sa kanila na sinabi, Ako ang
Panginoon ninyong Dios; 6 Nang araw na yaon ay iginawad
ko ang aking kamay sa kanila, upang ilabas ko sila sa lupain
ng Egipto, na dalhin sa lupain na aking itinaan sa kanila na
binubukalan ng gatas at pulot, na siyang pinakamainam
kay sa lahat ng lupain. 7 At sinabi ko sa kanila, Itakuwil ng
bawa't isa sa inyo ang mga bagay na kasuklamsuklam sa
kaniyang mga mata, at huwag kayong mangahawa sa mga
diosdiosan ng Egipto; ako ang Panginoon ninyong Dios. 8
Nguni't sila'y nanghimagsik laban sa akin, at hindi nakinig
sa akin; hindi itinakuwil ng bawa't isa sa kanila ang mga
kasuklamsuklam ng kanilang mga mata, o nilimot man nila
ang mga diosdiosan sa Egipto. Nang magkagayo'y sinabi
kong aking ibubuhos sa kanila ang aking kapusukan, upang
ganapin ko ang aking galit laban sa kanila, sa gitna ng
lupain ng Egipto. 9 Nguni't ako'y gumawa alangalang sa
aking pangalan, upang huwag malapastangan sa paningin
ng mga bansa, na kinaroroonan nila, na sa mga paningin
nila ay napakilala ako sa kanila, sa paglalabas ko sa kanila
sa lupain ng Egipto. 10 Sa gayo'y pinalabas ko sila mula sa
lupain ng Egipto, at dinala ko sila sa ilang. 11 At ibinigay
ko sa kanila ang aking mga palatuntunan, at itinuro ko sa
kanila ang aking mga kahatulan, na kung isagawa ng tao ay
mabubuhay sa mga yaon. 12 Bukod dito'y ibinigay ko rin
naman sa kanila ang aking mga sabbath, upang maging
tanda sa akin at sa kanila, upang kanilang makilala na
ako ang Panginoon na nagpapaging banal sa kanila. 13
Nguni't ang sangbahayan ni Israel ay nanghimagsik laban sa
akin sa ilang: sila'y hindi nagsilakad ng ayon sa aking mga
palatuntunan, at kanilang itinakuwil ang aking mga kahatulan,
na kung gawin ng tao, ay mabubuhay sa mga yaon; at ang
aking mga sabbath ay kanilang nilapastangang mainam.
Nang magkagayo'y sinabi ko na aking ibubuhos ang aking
kapusukan sa kanila sa ilang, upang lipulin sila. 14 Nguni't
ako'y gumawa alangalang sa aking pangalan, upang huwag
malapastangan sa paningin ng mga bansa, na sa paningin
ng mga yaon ay aking inilabas sila. 15 Bukod dito'y iginawad
ko naman ang aking kamay sa kanila sa ilang, upang huwag
ko silang dalhin sa lupain na aking ibinigay sa kanila, na
binubukalan ng gatas at pulot, na siyang pinakamainam
kay sa lahat ng lupain; 16 Sapagka't kanilang itinakuwil
ang aking mga kahatulan, at hindi nagsilakad ng gayon sa
aking mga palatuntunan, at nilapastangan ang aking mga
sabbath: sapagka't ang kanilang puso ay nagsisunod sa
kanilang mga diosdiosan. 17 Gayon ma'y ang aking mata ay
nagpatawad sa kanila at hindi ko sila nilipol, o ginawan ko
man sila ng lubos na kawakasan sa ilang. 18 At sinabi ko
sa kanilang mga anak sa ilang, Huwag kayong magsilakad
ng ayon sa mga palatuntunan ng inyong mga magulang, o
ingatan man ang kanilang mga kahatulan, o magpakahawa
man sa kanilang mga diosdiosan: 19 Ako ang Panginoon
ninyong Dios: magsilakad kayo ng ayon sa aking mga
palatuntunan, at ingatan ninyo ang aking mga kahatulan,
at inyong isagawa; 20 At inyong ipangilin ang aking mga
sabbath; at mga magiging tanda sa akin at sa inyo, upang
inyong maalaman na ako ang Panginoon ninyong Dios. 21
Nguni't ang mga anak ay nanganghimagsik laban sa akin;
sila'y hindi nagsilakad ng ayon sa aking mga palatuntunan, o
nangagingat man ng aking mga kahatulan upang isagawa,
na kung gawin ng tao ay mabubuhay sa mga yaon: kanilang
nilapastangan ang aking mga sabbath. Nang magkagayo'y
sinabi ko na aking ibubuhos ang aking kapusukan sa kanila,
upang ganapin ang aking galit sa kanila sa ilang. 22 Gayon
ma'y iniurong ko ang aking kamay, gumawa ako alang-
alang sa aking pangalan, upang huwag malapastangan sa
paningin ng mga bansa, na sa paningin ng mga yaon ay
inilabas ko sila. 23 Bukod dito'y itinaas ko ang aking kamay
sa kanila sa ilang, upang pangalatin ko sila sa gitna ng mga
bansa, at panabugin sila sa mga lupain; 24 Sapagka't hindi
nila isinagawa ang aking mga kahatulan, kundi itinakuwil
ang aking mga palatuntunan, at nilapastangan ang aking
mga sabbath, at ang kanilang mga mata'y nakasunod sa
mga diosdiosan ng kanilang mga magulang. 25 Bukod
dito'y binigyan ko sila ng mga palatuntunan na hindi mabuti,
at ng mga kahatulan na hindi nila kabubuhayan; 26 At
ipinariwara ko sila sa kanilang sariling mga kaloob, sa
kanilang pagpaparaan sa apoy ng lahat na nangagbubukas
ng bahay-bata, upang aking ipahamak sila, upang kanilang
maalaman na ako ang Panginoon. 27 Kaya't, anak ng tao,
salitain mo sa sangbahayan ni Israel, at sabihin mo sa
kanila, Ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Sa ganito ma'y
nilapastangan ako ng inyong mga magulang, sa kanilang
pagsalangsang laban sa akin. 28 Sapagka't nang dalhin
ko sila sa lupain, na aking pinaggawaran ng aking kamay
upang ibigay ko sa kanila, kanila ngang nakita ang lahat
na mataas na burol, at lahat na mayabong na punong
kahoy, at inihandog nila roon ang kanilang mga hain, at
doo'y kanilang iniharap ang nakagagalit nilang handog;
nagsuob rin sila roon ng kanilang pabango, at ibinuhos
nila roon ang kanilang mga inuming handog. 29 Nang
magkagayo'y sinabi ko sa kanila, Anong kahulugan ng
mataas na dako na inyong pinaroroonan? Sa gayo'y ang
pangalan niyaon ay tinawag na Bama hanggang sa araw

na ito. 30 Kaya't sabihin mo sa sangbahayan ni Israel,
Ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Nangagpakarumi
baga kayo ng ayon sa paraan ng inyong mga magulang?
at kayo baga'y nagpatutot ng ayon sa kanilang mga
kasuklamsuklam? 31 At pagka inyong inihahandog ang
inyong mga kaloob, pagka, inyong pinararaan sa apoy
ang inyong mga anak, nangagpapakarumi baga kayo sa
lahat ninyong diosdiosan hanggang sa araw na ito? at
ako baga'y mapagsasanggunian ninyo, Oh sangbahayan ni
Israel? Buhay ako, sabi ng Panginoong Dios, hindi ninyo
ako mapagsasanggunian; 32 At ang nagmumula sa inyong
pagiisip ay hindi mangyayari sa anomang paraan, sa inyong
sinasabi, Kami ay magiging gaya ng mga bansa; na gaya
ng mga angkan ng mga lupain upang mangaglingkod sa
kahoy at bato. 33 Buhay ako, sabi ng Panginoong Dios,
walang pagsalang sa pamamagitan ng makapangyarihang
kamay, at ng unat na bisig, at ng kapusukan na ibinubugso,
ay maghahari ako sa inyo. 34 At ilalabas ko kayo na
mula sa mga bayan, at pipisanin ko kayo na mula sa
mga lupain, na inyong pinangalatan, sa pamamagitan
ng makapangyarihang kamay, at ng unat na bisig, at ng
kapusukan na ibinubuhos; 35 At aking dadalhin kayo sa ilang
ng mga bayan, at doo'y makikipagkatuwiranan ako sa inyo
ng harapan. 36 Kung paanong ako'y nakipagkatuwiranan sa
inyong mga magulang sa ilang ng lupain ng Egipto, gayon
ako makikipagkatuwiranan sa inyo, sabi ng Panginoong
Dios. 37 At pararaanin ko kayo sa ilalim ng tungkod, at
dadalhin ko kayo sa pakikipagkasundo ng tipan; 38 At aking
lilinisin sa gitna ninyo ang mga mapanghimagsik, at ang
mga nagsisisalangsang laban sa akin; aking ilalabas sila sa
lupaing kanilang pinangingibahang bayan, nguni't hindi sila
magsisipasok sa lupain ng Israel: at inyong malalaman na
ako ang Panginoon. 39 Tungkol sa inyo, Oh sangbahayan ni
Israel, ganito ang sabi ng Panginoong Dios; magsiyaon kayo,
maglingkod bawa't isa sa kaniyang mga diosdiosan, at sa
haharapin man, kung hindi ninyo ako didinggin; nguni't ang
aking banal na pangalan ay hindi na ninyo lalapastanganin
ng inyong mga kaloob, at ng inyong mga diosdiosan. 40
Sapagka't sa aking banal na bundok, sa bundok na kaitaasan
ng Israel, sabi ng Panginoong Dios, doon ako paglilingkuran
sa lupain ng buong sangbahayan ni Israel, nilang lahat:
doo'y tatanggapin ko sila, at doon ko hihingin ang inyong
mga handog, at ang mga unang bunga na inyong mga alay,
sangpu ng lahat ninyong banal na bagay. 41 Parang masarap
na amoy na tatanggapin ko kayo, pagka kayo'y aking
naihiwalay sa mga bayan, at napisan ko kayo mula sa mga
lupain na inyong pinangalatan; at ako'y ipaari ninyong banal
sa paningin ng mga bansa. 42 At inyong malalaman na ako
ang Panginoon, pagka kayo'y aking ipapasok sa lupain ng
Israel, sa lupain na aking pinagtaasan ng aking kamay upang
ibigay sa inyong mga magulang. 43 At doo'y maaalaala ninyo
ang inyong mga lakad, at lahat ng inyong gawa, na inyong
pinagpakadumhan; at inyong kayayamutan ang inyong sarili
sa inyong sariling paningin dahil sa lahat ninyong kasamaan
na inyong ginawa. 44 At inyong malalaman na ako ang
Panginoon, pagka ako'y nakagawa na sa inyo alangalang sa
aking pangalan, hindi ayon sa inyong mga masamang lakad,
o ayon sa inyong mga masamang gawa man, Oh ninyong
sangbahayan ni Israel, sabi ng Panginoong Dios. 45 At ang
salita ng Panginoon ay dumating sa akin, na nagsasabi,
46 Anak ng tao, itingin mo ang iyong mukha sa dakong
timugan, at magbadya ka ng iyong salita sa dakong timugan,
at manghula ka laban sa gubat ng parang sa Timugan;
47 At sabihin mo sa gubat ng Timugan, Iyong pakinggan
ang salita ng Panginoon: Ganito ang sabi ng Panginoong
Dios, Narito, aking papagniningasin ang isang apoy sa iyo,
at susupukin ang bawa't sariwang punong kahoy sa iyo,
at ang bawa't tuyong punong kahoy: ang maalab na liyab
at hindi mapapatay, at ang lahat na mukha na mula sa
timugan hanggang sa hilagaan ay masusunog sa liyab. 48
At malalaman ng lahat ng tao na akong Panginoon ang
nagpaalab niyaon; hindi mapapatay. 49 Nang magkagayo'y
sinabi ko: Ah Panginoong Dios! sinasabi nila sa akin, Hindi
baga siya'y mapagsalita ng mga talinghaga?

**21** At ang salita ng Panginoon ay dumating sa akin, na
nagsasabi, 2 Anak ng tao, itingin mo ang iyong mukha
sa dakong Jerusalem, at magbadya ka ng iyong salita sa
dako ng mga santuario, at manghula ka laban sa lupain ng
Israel; 3 At sabihin mo sa lupain ng Israel, Ganito ang sabi
ng Panginoon: Narito, ako'y laban sa iyo, at aking bubunutin
ang aking tabak sa kaloban, at ihihiwalay ko sa iyo ang
matuwid at ang masama. 4 Yaman nga na aking ihihiwalay
sa iyo ang matuwid at ang masama, kaya't aking bubunutin
ang aking tabak sa kaloban na laban sa lahat na tao na mula
sa timugan hanggang sa hilagaan: 5 At malalaman ng lahat
na tao na akong Panginoon ay bumunot ng aking tabak sa
kaloban; hindi na isusuksok pa. 6 Magbuntong-hininga ka
nga, ikaw na anak ng tao; na may pagkasira ng iyong mga
balakang at may kapanglawang magbubuntong-hininga ka
sa harap ng kanilang mga mata. 7 At mangyayari, pagka
kanilang sinasabi sa iyo, Bakit ka nagbubuntong-hininga? na
iyong sasabihin, Dahil sa mga balita, sapagka't dumarating;
at ang bawa't puso ay manglulumo, at ang lahat na kamay
ay manghihina, at ang bawa't espiritu ay manglulupaypay,
at ang lahat na tuhod ay manglalambot na parang tubig:
narito, dumarating, at mangyayari, sabi ng Panginoong
Dios. 8 At ang salita ng Panginoon ay dumating sa akin,
na nagsasabi, 9 Anak ng tao, manghula ka, at sabihin mo,

Ganito ang sabi ng Panginoon: Sabihin mo, Isang tabak,
isang tabak ay nahasa, at kuminang din naman; **10** Nahasa
upang manglipol; kuminang upang maging parang kidlat:
gagawa nga baga tayo ng mga kasayahan? ang tungkod
ng aking anak ay humahamak sa bawa't punong kahoy. **11**
At pinakikinang, upang hawakan: ang tabak, ito'y nahasa,
oo, pinakinang, upang ibigay sa kamay ng manglilipol. **12**
Humiyaw ka at manambitan ka, anak ng tao; sapagka't
nauumang sa aking bayan, nauumang sa lahat ng mga
prinsipe sa Israel: sila'y nangabigay sa tabak na kasama ng
aking bayan; tampalin mo nga ang iyong hita. **13** Sapagka't
may paglilitis; at paano kung pati ng tungkod na humahamak
ay mawala? sabi ng Panginoong Dios. **14** Ikaw nga, anak
ng tao, manghula ka, at ipakpak mo kapuwa ang iyong
mga kamay; at ang tabak ay malupi sa ikatlo, ang tabak
ng nasugatan sa ikamamatay: siyang tabak ng dakilang
nasugatan sa ikamamatay na pumasok sa kanilang mga
silid. **15** Aking iniumang ang kumikinang na tabak laban sa
lahat nilang pintuang-bayan, upang ang kanilang puso ay
manglumo, at ang kanilang mga pagkatisod ay dumami: ah!
ang pagkayari ay parang kidlat, na inihasa upang ipangpatay.
**16** Humayo ka sa isang dako, lumagay ka sa kanan, o
lumagay ka sa kaliwa, saan man mapaharap ang iyong
mukha. **17** Akin din namang ipapakpak kapuwa ang aking
mga kamay, at aking lulubusin ang aking kapusukan: ako
ang Panginoon, ang nagsalita. **18** Ang salita ng Panginoon
ay dumating uli sa akin, na nagsasabi, **19** Gayon din, ikaw
na anak ng tao, magtakda ka sa iyo ng dalawang daan, na
mapanggagalingan ng tabak ng hari sa Babilonia; silang
dalawa ay kapuwa lalabas sa isang lupain: at landasan mo ng
dako, landasan mo sa bukana ng daang patungo sa bayan.
**20** Ikaw ay magtatakda ng daan para sa tabak na paroon sa
Raba ng mga anak ni Ammon, at sa Juda sa Jerusalem na
nakukutaan. **21** Sapagka't ang hari sa Babilonia ay tumayo
sa pinagkakahiwalayan ng daan, sa bukana ng dalawang
daan, upang magbadya ng panghuhula: kaniyang iniwasiwas
ang mga pana na paroo't parito, siya'y sumangguni sa mga
diosdiosan, siya'y nagsiyasat sa atay. **22** Nasa kanang kamay
niya ang panghuhula sa Jerusalem, upang mag-umang ng
mga pangsaksak, upang bukahin ang bibig sa pagpatay,
upang itaas ang tinig sa paghiyaw, upang mag-umang ng
mga pangsaksak laban sa mga pintuang-bayan, upang
maglagay ng mga bunton upang magtayo ng mga katibayan.
**23** At sa kanila ay magiging parang panghuhulang walang
kabuluhan sa kanilang paningin, na nanumpa sa kanila;
nguni't ipinaa-alaala niya sa kanilang kasamaan, upang
sila'y mangahuli. **24** Kaya't ganito ang sabi ng Panginoong
Dios, Sapagka't inyong ipinaalaala ang inyong kasamaan,
palibhasa'y ang inyong mga pagsalangsang ay nalitaw, na
anopa't sa lahat ninyong gawa ay nagsilitaw ang inyong
mga kasalanan; sapagka't dumating ang pagkaalaala sa
inyo, kayo'y huhulihin ng kamay. **25** At ikaw, Oh masama
na nasugatan ng ikamamatay, na prinsipe sa Israel, na
ang kaarawan ay dumating, sa panahon ng parusang
pinaka wakas; **26** Ganito ang sabi ng Panginoong Dios,
Ilapag mo ang tiara, at alisin mo ang putong; ito'y hindi
na mangyayari pa uli; itaas mo ang mababa at ibaba mo
ang mataas. **27** Aking ititiwarik, ititiwarik, ititiwarik: ito rin
nama'y hindi na mangyayari uli, hanggang sa dumating
yaong may matuwid na kaniya; at aking ibibigay sa kaniya.
**28** At ikaw, anak ng tao, manghula ka, at iyong sabihin,
Ganito ang sabi ng Panginoong Dios tungkol sa mga anak ni
Ammon, at tungkol sa kanilang kapulaan; at sabihin mo,
Isang tabak, isang tabak ay binunot, na ukol sa pagpatay
ay kuminang upang papanglipulin, upang maging parang
kidlat; **29** Samantalang sila'y nangakakakita sa iyo ng walang
kabuluhan, samantalang sila'y nanganghuhula sa iyo ng
mga kabulaanan, upang ipasan ka sa mga leeg ng masama
na sinugatan ng ikamamatay, na ang kaarawan ay dumating,
sa panahon ng parusang pinaka wakas. **30** Isuksok mo
iyan sa kaniyang kaloban. Sa dakong pinaglalangan sa
iyo, sa lupain ng kapanganakan mo, hahatulan kita. **31** At
aking ibubuhos ang aking galit sa iyo; aking hihipan ka sa
pamamagitan ng apoy ng aking poot: at aking ibibigay ka sa
kamay ng mga tampalasang tao na bihasang pumatay. **32**
Ikaw ay magiging pinakapanggatong sa apoy; ang iyong
dugo ay mabububo sa gitna ng lupain; ikaw ay hindi na
maaalaala: sapagka't akong Panginoon ang nagsalita.

**22** Bukod dito'y ang salita ng Panginoon ay dumating sa
akin, na nagsasabi, **2** At Ikaw, anak ng tao, hahatulan
mo baga, hahatulan mo baga ang bayang mabagsik?
ipakilala mo nga sa kaniya ang lahat niyang kasuklamsuklam.
**3** At iyong sabihin, Ganito ang sabi ng Panginoong Dios:
Bayang nagbububo ng dugo sa gitna niya, na ang kaniyang
panahon ay darating, at gumagawa ng mga diosdiosan
laban sa kaniyang sarili, upang mapahamak siya! **4** Ikaw ay
naging salarin dahil sa iyong dugo na iyong ibinubo, at ikaw
ay napahamak sa iyong mga diosdiosan na iyong ginawa;
at iyong pinalapit ang iyong mga kaarawan, at ikaw ay
dumating hanggang sa iyong mga taon; kaya't ginawa kitang
isang kapulaan sa mga bansa, at isang katuyaan sa lahat
na lupain. **5** Yaong mga malapit, at yaong mga malayo, ay
magsisituya sa iyo, ikaw na napahamak at puno ng kagulo.
**6** Narito, ang mga prinsipe sa Israel, na bawa't isa'y ayon sa
kaniyang kapangyarihan, napasa iyo upang magbubo ng
dugo. **7** Sa iyo'y kanilang niwalang kabuluhan ang ama't
ina; sa gitna mo ay pinahirapan nila ang taga ibang lupa;
sa iyo'y kanilang pinighati ang ulila at ang babaing bao. **8**

Iyong hinamak ang aking mga banal na bagay, at iyong
nilapastangan ang aking mga sabbath. **9** Mga maninirang
puri ay napasa iyo upang magbubo ng dugo: at sa iyo'y
nagsikain sila sa mga bundok: sa gitna mo ay nagkasala sila
ng kahalayan. **10** Sa iyo'y kanilang inilitaw ang kahubaran
ng kanilang mga magulang; sa iyo'y pinapakumbaba niya
siya na marumi sa kaniyang pagkahiwalay. **11** At ang
isa'y gumawa ng kasuklamsuklam sa asawa ng kaniyang
kapuwa; at ang isa'y gumawa ng kahalayhalay sa kaniyang
manugang na babae; at sa iyo'y sinipingan ng isa ang
kaniyang kapatid na babae na anak ng kaniyang ama. **12**
Sa iyo ay nagsitanggap sila ng suhol upang magbubo ng
dugo; ikaw ay kumuha ng patubo't pakinabang, at ikaw ay
nakinabang ng malabis sa iyong kapuwa sa pamamagitan
ng pagpighati, at nilimot mo ako, sabi ng Panginoong Dios.
**13** Narito nga, aking ipinakpak ang aking kamay dahil sa
iyong masamang pakinabang na iyong ginawa, at sa iyong
dugo na iyong ibinubo sa gitna mo. **14** Makapagmamatigas
baga ang iyong puso, o makapagmamalakas baga ang
iyong mga kamay sa mga araw na parurusahan kita? Akong
Panginoon ang nagsalita, at gagawa niyaon. **15** At aking
pangangalatin ka sa gitna ng mga bansa, at pananabugin
kita sa mga lupain; at aking papawiin ang iyong karumihan
sa gitna mo. **16** At ikaw ay malalapastangan sa iyong sarili,
sa paningin ng mga bansa; at iyong malalaman na ako ang
Panginoon. **17** At ang salita ng Panginoon ay dumating sa
akin, na nagsasabi, **18** Anak ng tao, ang sangbahayan ni
Israel ay naging dumi ng bakal sa akin: silang lahat ay tanso
at lata at bakal at tingga, sa gitna ng hurno; sila ay naging
dumi ng pilak. **19** Kaya't ganito ang sabi ng Panginoong
Dios, Sapagka't kayong lahat ay naging dumi ng bakal,
kaya't narito, aking pipisanin kayo sa gitna ng Jerusalem. **20**
Kung paanong kanilang pinipisan ang pilak at ang tanso at
ang bakal at ang tingga at ang lata sa gitna ng hurno, upang
hipan ng apoy, upang tunawin; gayon ko kayo pipisanin sa
aking galit at sa aking kapusukan, at aking ilalapag kayo
roon, at pupugnawin ko kayo. **21** Oo, aking pipisanin kayo, at
hihipan ko kayo sa pamamagitan ng apoy ng aking poot, at
kayo'y mangapupugnaw sa gitna niyaon. **22** Kung paanong
ang pilak ay natutunaw sa gitna ng hurno, gayon kayo
mangatutunaw sa gitna niyaon; at inyong malalaman na
akong Panginoon ang nagbububos ng aking kapusukan sa
inyo. **23** At ang salita ng Panginoon ay dumating sa akin, na
nagsasabi, **24** Anak ng tao, sabihin mo sa kaniya, Ikaw ay
isang lupain na hindi nilinis, o naulanan man sa kaarawan ng
pagkagalit. **25** May panghihimagsik ng kaniyang mga propeta
sa gitna niyaon, gaya ng leong umuungal na umaagaw
ng huli: sila'y nanganakmal ng mga tao; sila'y nagsikuha
ng kayamanan at ng mga mahalagang bagay; pinarami
nila ang kanilang babaing bao sa gitna niyaon, **26** Ang
mga saserdote niyaon ay nagsigawa ng pangdadahas sa
aking kautusan, at nilapastangan ang aking mga banal na
bagay: sila'y hindi nangaglagay ng pagkakaiba sa banal at
sa karaniwan, o kanila mang pinapagmunimuni ang mga tao
sa marumi at sa malinis, at ikinubli ang kanilang mga mata
sa aking mga sabbath, at ako'y nalapastangan sa gitna nila.
**27** Ang mga prinsipe sa gitna niyaon ay parang mga lobo
na nangangagaw ng huli, upang mangagbubo ng dugo, at
upang magpahamak ng mga tao, upang sila'y mangagkaroon
ng mahalay na pakinabang. **28** At itinapal ng mga propeta
niyaon ang masamang argamasa para sa kanila, na nakakita
ng walang kabuluhan, at nanganghuhula ng mga kabulaanan
sa kanila, na nangagsabi, Ganito ang sabi ng Panginoong
Dios, dangang hindi sinalita ng Panginoon. **29** Ang bayan ng
lupain ay gumawa ng pagpighati, at nagnakaw; oo, kanilang
pinagdalamhati ang dukha at mapagkailangan, at pinighati
ng wala sa katuwiran ang taga ibang lupa. **30** At ako'y
humanap ng lalake sa gitna nila, na makakagawa ng bakod,
at makatatayo sa sira sa harap ko dahil sa lupain, upang
huwag kong ipahamak; nguni't wala akong nasumpungan.
**31** Kaya't aking ibinuhos ang aking galit sa kanila; aking
sinupok sila ng apoy ng aking poot: ang kanilang sariling
lakad ay aking pinarating sa kanilang mga ulo, sabi ng
Panginoong Dios.

**23** Ang salita ng Panginoon ay dumating uli sa akin na
nagsasabi: **2** Anak ng tao, may dalawang babae, na
mga anak na babae ng isang ina: **3** At sila'y nagpatutot sa
Egipto; sila'y nagpatutot sa kanilang kadalagahan: doo'y
nangahigpit ang kanilang mga dibdib, at doo'y nangahipo
ang mga suso ng kanilang pagkadalaga. **4** At ang mga
pangalan nila ay Ohola ang matanda, at Oholiba ang kapatid
niya: at sila'y naging akin at nanganak ng mga lalake at
babae. At tungkol sa kanilang mga pangalan, Samaria ay
Ohola, at Jerusalem ay Oholiba. **5** At si Ohola ay nagpatutot
nang siya'y akin; at siya'y suminta sa mga mangingibig sa
kaniya, sa mga taga Asiria na kaniyang mga kalapit bayan.
**6** Na nananamit ng kulay asul, ang mga tagapamahala at
ang mga pinuno, silang lahat na binatang makisig, mga
mangangabayo na nangakasakay sa mga kabayo. **7** At
ipinagkaloob niya sa kanila ang kaniyang pakikiapid, sa mga
pinaka piling lalake sa Asiria sa kanilang lahat; at sa sino man
na inibig niya, sa lahat nilang diosdiosan, ay nadumhan siya.
**8** Ni hindi man niya iniwan ang kaniyang mga pagpapatutot
mula sa mga kaarawan ng Egipto, sapagka't sa kaniyang
kadalagahan, sila'y sumisiping sa kaniya, at nangahipo
nila ang mga suso ng kaniyang pagkadalaga; at kanilang
ibinuhos ang kanilang pagpapatutot sa kaniya. **9** Kaya't
ibinigay ko siya sa kamay ng mga mangingibig sa kaniya,

sa kamay ng mga taga Asiria, na siya niyang mga inibig.
**10** Ang mga ito ang nangaglitaw ng kaniyang kahubaran;
kinuha nila ang kaniyang mga anak na lalake at babae; at
siya'y pinatay nila ng tabak: at siya'y naging kakutyaan sa
mga babae; sapagka't sila'y naglapat ng mga kahatulan sa
kaniya. **11** At nakita ito ng kaniyang kapatid na si Oholiba,
gayon ma'y siya'y higit na napahamak sa kaniyang pagibig
kay sa kaniya, at sa kaniyang mga pagpapatutot na higit
kay sa mga pagpapatutot ng kaniyang kapatid. **12** Siya'y
umibig sa mga taga Asiria, sa mga tagapamahala at mga
pinuno, sa kaniyang mga kalapit bayan, na nararamtan ng
mga pinakamahusay, sa mga nangangabayo na nakasakay
sa mga kabayo, silang lahat ay mga binatang makisig. **13**
At aking nakita na siya'y nadumhan; na sila kapuwa ay
nagisang daan. **14** At kaniyang pinalago ang kaniyang mga
pagpapatutot; sapagka't siya'y nakakita ng mga lalaking
nakalarawan sa mga panig, na mga larawan ng mga Caldeo
na nakalarawan ng bermillon, **15** Na nangabibigkisan sa
kanilang mga balakang, na mga may lumilipad na turbante
sa kanilang mga ulo, silang lahat ay parang mga prinsipe
ayon sa wangis ng mga taga Babilonia sa Caldea, na
lupain na kanilang kinapanganakan. **16** At pagkakita niya sa
kanila ay inibig niya agad sila, at nagsugo ng mga sugo
sa kanila sa Caldea. **17** At sinipingan siya ng mga taga
Babilonia sa higaan ng pagibig, at kanilang dinumhan siya
ng kanilang pagpapatutot, at siya'y nahawa sa kanila, at ang
kaniyang kalooban ay tinabangan sa kanila. **18** Sa gayo'y
inilitaw niya ang kaniyang mga pagpapatutot, at inilitaw niya
ang kaniyang kahubaran: nang magkagayo'y tinabangan
ang aking kalooban sa kaniya, na gaya ng pagkatabang
ng aking kalooban sa kaniyang kapatid. **19** Gayon ma'y
kaniyang pinarami ang kaniyang mga pakikiapid, na inalaala
ang mga kaarawan ng kaniyang kadalagahan, na kaniyang
ipinagpatutot sa lupain ng Egipto, **20** At siya'y umibig sa mga
nagsisiagulo sa kaniya, na ang laman ay parang laman ng
mga asno, at ang lumalabas sa kanila ay parang lumalabas
sa mga kabayo. **21** Ganito mo inalaala ang kahalayan ng
iyong kadalagahan, sa pagkahipo ng iyong mga suso ng
mga taga Egipto dahil sa mga suso ng iyong kadalagahan.
**22** Kaya, Oh Oholiba, ganito ang sabi ng Panginoong Dios;
Narito, aking ibabangon ang mga mangingibig sa iyo laban
sa iyo, na siyang pinagsawaan ng iyong kalooban, at aking
dadalhin sila laban sa iyo sa lahat ng dako: **23** Ang mga
taga Babilonia at lahat ng Caldeo, ang Pekod, at ang Soa, at
ang Coa, at lahat ng taga Asiria na kasama nila; na mga
binatang makisig, mga tagapamahala at mga pinuno silang
lahat, mga prinsipe, at mga lalaking bantog, silang lahat ay
nagsisisakay sa mga kabayo. **24** At sila'y magsisiparitong
laban sa iyo na ma'y mga almas, mga karo, at mga kariton,
at may kapulungan ng mga tao; sila'y magsisilagay laban sa
iyo sa palibot na may longki, at kalasag at turbante; at aking
ipauubaya ang kahatulan sa kanila, at sila'y magsisihatol sa
iyo ayon sa kanilang mga kahatulan. **25** At aking ilalagak
ang aking paninibugho laban sa iyo, at sila'y magsisigawa
sa iyo sa kapusukan; kanilang pipingusin ang iyong ilong at
ang iyong mga tainga; at ang nalabi sa iyo ay mabubuwal sa
pamamagitan ng tabak: kanilang kukunin ang iyong mga
anak na lalake at babae; at ang nalabi sa iyo ay susupukin
sa apoy, **26** Kanila rin namang huhubaran ka ng iyong
mga suot, at dadalhin ang iyong mga magandang hiyas.
**27** Ganito ko patitigilin sa iyo ang iyong kahalayan, at ang
iyong pagpapatutot na dinala mula sa lupain ng Egipto: na
anopa't hindi mo ididilat ang iyong mga mata sa kanila, o
aalalahanin mo pa man ang Egipto kailan man. **28** Sapagka't
ganito ang sabi ng Panginoong Dios, Narito, ibibigay kita
sa kamay ng mga ipinagtatanim mo, sa kamay ng mga
pinagsawaan ng iyong kalooban; **29** At hahatulan ka nila na
may pagtatanim, at aalisin ang lahat ng iyong kayamanan, at
iiwan kang hubad at hubo: at ang sala mong pagpapatutot ay
malilitaw, ang iyong kahalayan at gayon din ang iyong mga
pagpapatutot. **30** Ang mga bagay na ito ay gagawin sa iyo,
sapagka't ikaw ay nagpatutot sa mga bansa, at sapagka't
ikaw ay nadumhan sa kanilang mga diosdiosan. **31** Ikaw
ay lumakad sa lakad ng iyong kapatid; kaya't ibibigay ko
ang kaniyang saro sa iyong kamay. **32** Ganito ang sabi ng
Panginoong Dios: Ikaw ay iinom sa saro ng iyong kapatid,
na malalim at malaki: ikaw ay tatawanan na pinakatuya at
pinaka kadustaan; maraming laman. **33** Ikaw ay lubhang
malalasing at mamamanglaw, sa pamamagitan ng sarong
katigilan at kapahamakan, sa pamamagitan ng saro ng iyong
kapatid na Samaria. **34** Iyo ngang iinumin at tutunggain,
at iyong hahaluin ang labo niyaon, at sasaktan ang iyong
dibdib; sapagka't aking sinalita, sabi ng Panginoong Dios.
**35** Kaya't ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Sapagka't
ako'y iyong nilimot, at tinalikdan mo ako, taglayin mo nga rin
ang iyong kahalayan at ang iyong mga pakikiapid. **36** Sinabi
ng Panginoon sa akin bukod dito: Anak ng tao: hahatulan
mo baga si Ohola at si Oholiba? ipakilala mo sa kanila ang
kanilang mga kasuklamsuklam. **37** Sapagka't sila'y nagkasala
ng pangangalunya, at dugo ay nasa kanilang mga kamay;
at sa kanilang mga diosdiosan ay nagsisamba; at kanila
namang pinaraan sa apoy upang masupok ang kanilang
mga anak, na kanilang ipinanganak sa akin. **38** Bukod dito'y
ginawa nila ito sa akin: kanilang nilapastangan ang aking
santuario sa araw ding yaon, at nilapastangan ang aking mga
sabbath. **39** Sapagka't nang kanilang patayin ang kanilang
mga anak para sa kanilang mga diosdiosan, nagsiparoon
nga sila nang araw ding yaon sa aking santuario upang

lapastanganin; at, narito, ganito ang kanilang ginawa sa
gitna ng aking bahay. **40** At bukod dito ay inyong ipinasundo
ang mga taong nangagmumula sa malayo, na siyang mga
ipinasundo sa sugo, at, narito, sila'y nagsisidating; na siyang
dahil ng iyong ipinaligo, at ipinagkulay mo ng iyong mga
mata, at pinaggayakan mo ng mga gayak; **41** At naupo ka
sa isang mainam na higaan, na may dulang na nakahanda
sa harap niyaon, na siya mong pinaglapagan ng aking
kamangyan at aking langis. **42** At ang tinig ng pulutong
na tiwasay ay nasa kaniya: at nadala na kasama ng mga
lalake sa mga karaniwan ang mga manglalasing na mula
sa ilang; at sila'y nangaglagay ng mga pulsera sa mga
kamay nila, at mga magandang putong sa kanilang mga
ulo. **43** Nang magkagayo'y sinabi ko sa kaniya na tumanda
sa mga pangangalunya, Ngayon mangakikiapid pa sila sa
kaniya, at siya sa kanila. **44** At sinipingan nila siya, na
parang sumiping sa isang patutot: gayon nila sinipingan
si Ohola at si Oholiba, na malibog na mga babae. **45** At
mga matuwid na tao ang hahatol sa kanila ng kahatulan sa
mangangalunya, at ng kahatulan sa mga babae na nagbubo
ng dugo; sapagka't sila'y mangangalunya, at dugo ang
nasa kanilang mga kamay. **46** Sapagka't ganito ang sabi ng
Panginoong Dios, Ako'y magsasampa ng isang kapulungan
laban sa kanila, at ibibigay ko sila upang ligaliging paroo't
parito at samsaman. **47** At babatuhin sila ng kapulungan, ng
mga bato, at tatagain sila ng kanilang mga tabak; papatayin
nila ang kanilang mga anak na lalake at babae, at susunugin
ng apoy ang kanilang mga bahay. **48** Ganito ko patitigilin
ang kahalayan sa lupain, upang ang lahat na babae ay
maturuan na huwag magsigawa ng ayon sa inyong mga
kahalayan. **49** At gagantihin nila ang inyong kahalayan sa
inyo, at inyong dadanasin ang mga kasalanan tungkol sa
inyong mga diosdiosan, at inyong malalaman na ako ang
Panginoong Dios.

**24** Muli, nang ikasiyam na taon, nang ikasangpung araw
ng buwan, ang salita ng Panginoon ay dumating sa
akin, na nagsasabi, **2** Anak ng tao, isulat mo ang pangalan
ng kaarawan, ang kaarawan ding ito: ang hari sa Babilonia
ay nagpakalapit sa Jerusalem sa kaarawan ding ito. **3** At
ipagsabi mo ng isang talinhaga ang mapanghimagsik na
sangbahayan, at sabihin mo sa kanila, Ganito ang sabi ng
Panginoong Dios, Magsalang ka ng kaldera, isalang mo, at
buhusan mo rin naman ng tubig: **4** Pisanin mo ang mga
putol niyaon doon, lahat ng mabuting putol, ang hita, at ang
balikat; punuin mo ng mga piling buto. **5** Kumuha ka ng pinili
sa kawan, at ibunton mo ang mga buto sa ilalim niyaon:
pakuluan mong mabuti; oo, lutuin mo ang mga buto sa loob
niyaon. **6** Kaya't ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Sa
aba ng mabagsik na bayan, ng kaldera na may kalawang, at
ang kalawang ay hindi naalis doon! ilabas mo na putolputol;
walang sapalaran na ginawa roon. **7** Sapagka't ang dugo
niya ay nasa gitna niya; kaniyang inilagay sa luwal na bato;
hindi niya ibinuhos sa lupa, na tabunan ng alabok. **8** Upang
pukawin ang kapusukan ng manghihiganti, inilagay ko ang
kaniyang dugo sa luwal na bato, upang huwag matakpan.
**9** Kaya't ganito ang sabi ng Panginoong Dios; Sa aba ng
mabagsik na bayan! akin ding palalakihin ang bunton. **10**
Ibunton ang kahoy, paningasin ang apoy, pakuluang mabuti
ang laman, palaputin ang sabaw, at sunugin ang mga buto.
**11** Kung magkagayo'y ipatong mong walang laman sa mga
baga niyaon, upang uminit, at ang tanso niyao'y masunog,
at ng ang dumi niyaon ay matunaw roon, upang mapugnaw
ang kalawang niyaon. **12** Siya'y nagpakapagod sa paggawa;
gayon ma'y ang maraming kalawang ay hindi naaalis; ang
kalawang niyaon ay hindi naaalis sa pamamagitan ng apoy.
**13** Nasa iyong karumihan ang kahalayan: sapagka't ikaw
ay aking nilinis at hindi ka nalinis, hindi ka na malilinis
pa sa iyong karumihan, hanggang sa aking malubos ang
aking kapusukan sa iyo. **14** Akong Panginoon ang nagsalita:
mangyayari, at aking gagawin; hindi ako magbabalik-loob, ni
magpapatawad man, ni magsisisi man; ayon sa iyong mga
lakad, at ayon sa iyong mga gawa, kanilang hahatulan ka,
sabi ng Panginoong Dios. **15** Ang salita ng Panginoon ay
dumating din sa akin, na nagsasabi, **16** Anak ng tao, narito,
aalisin ko sa iyo sa pamamagitan ng kamatayan ang nasa
ng iyong mga mata: gayon ma'y hindi ka tatangis, ni iiyak
man, ni aagos man ang iyong mga luha. **17** Magbuntong-
hininga ka, nguni't huwag malakas; huwag mong tangisan
ang patay; itali mo ang pugong mo sa ulo, at isuot mo ang
iyong mga panyapak sa iyong mga paa, at huwag mong
takpan ang iyong mga labi, at huwag kang kumain ng tinapay
ng mga tao. **18** Sa gayo'y nagsalita ako sa bayan nang
kinaumagahan; at sa kinahapunan ay namatay ang aking
asawa; at aking ginawa nang kinaumagahan ang gaya ng
iniutos sa akin. **19** At sinabi ng bayan sa akin, Hindi mo baga
sasaysayin sa amin kung anong mga bagay ito sa amin,
na ikaw ay gumagawa ng ganyan? **20** Nang magkagayo'y
sinabi ko sa kanila, Ang salita ng Panginoon ay dumating
sa akin, na nagsasabi: **21** Salitain mo sa sangbahayan ni
Israel, Ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Narito, aking
lalapastanganin ang aking santuario, na kapalaluan ng
inyong kapangyarihan, na nasa ng inyong mga mata, at
kinahihinayangan ng inyong kalooban, at ang inyong mga
anak na lalake at babae na inyong iniwan sa hulihan ay
mangabubuwal sa pamamagitan ng tabak. **22** At inyong
gagawin ang aking ginawa; hindi ninyo tatakpan ang inyong
mga labi, o kakain man ng tinapay ng mga tao. **23** At ang
inyong turbante ay malalagay sa inyong mga ulo, at ang

inyong mga panyapak sa inyong mga paa: kayo'y hindi
tatangis o iiyak man; kundi kayo'y manganglulupaypay sa
inyong mga kasamaan, at mangagdadaingang isa't isa. 24
Ganito magiging isang tanda sa inyo si Ezekiel; ayon sa
lahat niyang ginawa ay inyong gagawin: pagka ito'y nangyari
ay inyo ngang malalaman na ako ang Panginoong Dios. 25
At ikaw, anak ng tao, hindi baga mangyayari sa araw na
aking alisin sa kanila ang kanilang lakas, ang kagalakan ng
kanilang kaluwalhatian, ang nasa ng kanilang mga mata, at
ang kanilang pinaglalagakan ng kanilang puso, ang kanilang
mga anak na lalake at babae, 26 Na sa araw na yaon ang
makatatanan ay paroroon sa iyo, upang iparinig sa iyo ng
iyong mga pakinig? 27 Sa araw na yaon ay mabubuka ang
iyong bibig sa kaniya na nakatanan, at ikaw ay magsasalita,
at hindi na mapipipi pa: gayon magiging isang tanda ka sa
kanila; at kanilang malalaman na ako ang Panginoon.

**25** At ang salita ng Panginoon ay dumating sa akin, na
nagsasabi, 2 Anak ng tao, ititig mo ang iyong mukha sa
mga anak ni Ammon, at manghula ka laban sa kanila: 3 At
sabihin mo sa mga anak ni Ammon, Inyong pakinggan ang
salita ng Panginoong Dios: Ganito ang sabi ng Panginoong
Dios, Sapagka't iyong sinabi, Aha, laban sa aking santuario,
nang malapastangan; at laban sa lupain ng Israel, nang
masira; at laban sa sangbahayan ni Juda, nang sila'y
pumasok sa pagkabihag: 4 Kaya't narito, aking ibibigay ka
sa mga anak ng silanganan na pinakaari, at kanilang itatayo
ang kanilang mga kampamento sa iyo, at magsisigawa ng
kanilang mga tahanan sa iyo; kanilang kakanin ang iyong
bunga ng kahoy, at kanilang iinumin ang iyong gatas. 5 At
aking gagawin ang Raba na pinaka silungan ng mga kamello,
at ang mga anak ni Ammon na pinakapahingahang dako ng
mga kawan; at inyong malalaman na ako ang Panginoon. 6
Sapagka't ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Sapagka't
pumakpak ka ng iyong mga kamay, at tumadyak ka ng mga
paa, at nagalak ka ng buong paghamak ng iyong kalooban
laban sa lupain ng Israel; 7 Kaya't narito, aking iniunat ang
aking kamay sa iyo, at ibibigay kita na pinakasamsam sa
mga bansa; at ihihiwalay kita sa mga bayan, at ipalilipol kita
sa mga lupain: aking ibubuwal ka; at iyong malalaman na
ako ang Panginoon. 8 Ganito ang sabi ng Panginoong Dios:
Sapagka't ang Moab at ang Seir ay nagsasabi, Narito, ang
sangbahayan ni Juda ay gaya ng lahat na bansa; 9 Kaya't,
narito, aking bubuksan ang tagiliran ng Moab mula sa mga
bayan, mula sa kaniyang mga bayan na nangasa kaniyang
mga hangganan, na kaluwalhatian ng lupain, ang Beth-
jesimoth, ang Baal-meon, at ang Chiriathaim. 10 Hanggang
sa mga anak ng silanganan, upang magsiparoon laban sa
mga anak ni Ammon; at aking ibibigay sa kanila na pinakaari,
upang ang mga anak ni Ammon ay huwag ng mangaalaala
sa gitna ng mga bansa: 11 At ako'y maglalapat ng kahatulan
sa Moab: at kanilang malalaman na ako ang Panginoon.
12 Ganito ang sabi ng Panginoong Dios, Sapagka't ang
Edom ay gumawa ng laban sa sangbahayan ni Juda sa
panghihiganti, at nagalit na mainam, at nanghiganti sa kanila;
13 Kaya't ganito ang sabi ng Panginoong Dios, Aking iuunat
ang aking kamay laban sa Edom, at aking ihihiwalay ang
tao at hayop doon; at aking gagawing sira mula sa Teman;
hanggang sa Dedan nga ay mabubuwal sila sa pamamagitan
ng tabak. 14 At aking isasagawa ang aking panghihiganti sa
Edom, sa pamamagitan ng kamay ng aking bayang Israel;
at kanilang gagawin sa Edom ang ayon sa aking galit, at
ayon sa aking kapusukan; at kanilang malalaman ang aking
panghihiganti, sabi ng Panginoong Dios. 15 Ganito ang sabi
ng Panginoong Dios: Sapagka't ang mga Filisteo ay gumawa
ng panghihiganti, at nanghiganti na may kapootan ng loob
upang magpahamak ng pakikipagkaalit na magpakailan
man; 16 Kaya't ganito ang sabi ng Panginoong Dios, Narito,
aking iuunat ang aking kamay sa mga Filisteo, at aking
ihihiwalay ang mga Ceretheo, at ipapahamak ko ang labi
sa baybayin ng dagat. 17 At ako'y gagawa ng malaking
panghihiganti sa kanila na may malupit na mga pagsaway;
at kanilang malalaman na ako ang Panginoon, pagka aking
isinagawa ang aking panghihiganti sa kanila.

**26** At nangyari, nang ikalabing isang taon, nang unang
araw ng buwan, na ang salita ng Panginoon ay
dumating sa akin, na nagsasabi, 2 Anak ng tao, sapagka't
ang Tiro ay nagsabi laban sa Jerusalem, Aha, siya na naging
pintuan ng mga bayan ay sira; siya'y nabalik sa akin: ako'y
mapupuno ngayong siya'y sira: 3 Kaya't ganito ang sabi ng
Panginoong Dios, Narito, ako'y laban sa iyo, Oh Tiro, at
aking pasasampahin ang maraming bansa laban sa iyo,
gaya ng pagpapasampa ng dagat ng kaniyang mga alon. 4
At kanilang gigibain ang mga kuta ng Tiro, at ibabagsak
ang kaniyang mga moog: akin din namang papalisin sa
kaniya ang kaniyang alabok, at gagawin ko siyang hubad na
bato. 5 Siya'y magiging dakong ladlaran ng mga lambat
sa gitna ng dagat: sapagka't ako ang nagsalita sabi ng
Panginoong Dios; at siya'y magiging samsam sa mga bansa.
6 At ang kaniyang mga anak na babae na nangasa parang
ay papatayin ng tabak: at kanilang malalaman na ako ang
Panginoon. 7 Sapagka't ganito ang sabi ng Panginoong
Dios, Narito, aking dadalhin sa Tiro si Nabucodonosor na hari
sa Babilonia, na hari ng mga hari, mula sa hilagaan, na may
mga kabayo, at may mga karo, at may mga nangangabayo,
at isang pulutong, at maraming tao. 8 Kaniyang papatayin
ng tabak ang iyong mga anak na babae sa parang; at siya'y
gagawa ng mga katibayan laban sa iyo, at magtitindig ng
isang bunton laban sa iyo, at magtataas ng longki laban sa

iyo. 9 At kaniyang ilalagay ang kaniyang mga pangsaksak
laban sa iyong mga kuta, at sa pamamagitan ng kaniyang
mga palakol ay kaniyang ibabagsak ang iyong mga moog.
10 Dahil sa kasaganaan ng kaniyang mga kabayo, tatakpan
ka ng kaniyang alabok: ang iyong mga kuta ay uuga sa
hugong ng mga mangangabayo, at ng mga kariton, at ng
mga karo, pagka siya'y papasok sa iyong mga pintuang-
bayan, na gaya ng pagpasok ng tao sa isang bayan na
pinamutasan. 11 Tutungtungan ng mga paa ng kaniyang
mga kabayo ang lahat mong mga lansangan; papatayin niya
ng tabak ang iyong bayan; at ang mga haligi ng iyong lakas
ay mabubuwal sa lupa. 12 At sila'y magsisisamsam ng iyong
mga kayamanan, at lolooban ang iyong kalakal; at kanilang
ibabagsak ang iyong mga kuta, at gigibain ang iyong mga
masayang bahay; at ilalagay ang iyong mga bato, at ang
iyong kahoy at ang iyong alabok sa gitna ng tubig. 13 At
aking patitigilin ang tinig ng iyong mga awit; at ang tunog
ng iyong mga alpa ay hindi na maririnig. 14 At gagawin
kitang hubad na bato: ikaw ay magiging dakong ladlaran ng
mga lambat; ikaw ay hindi na matatayo; sapagka't akong
Panginoon ang nagsalita, sabi ng Panginoong Dios. 15
Ganito ang sabi ng Panginoong Dios sa Tiro; Hindi baga
mayayanig ang mga pulo sa tunog ng iyong pagbagsak,
pagka ang nasugatan ay dumadaing, pagka may patayan
sa gitna mo? 16 Kung magkagayo'y lahat na prinsipe sa
dagat ay magsisibaba mula sa kanilang mga luklukan, at
aalisin ang kanilang mga balabal, at huhubuin ang kanilang
mga damit na may burda: sila'y dadatnan ng panginginig;
sila'y magsisiupo sa lupa, at manginginig sa tuwituwina,
at mangatitigilan sa iyo. 17 At pananaghuyan ka nila, at
magsasabi sa iyo, Ano't nagiba ka, na tinatahanan ng mga
taong dagat, na bantog na bayan na malakas sa dagat, siya
at ang mga mananahan sa kaniya, na nagpapangilabot sa
lahat na nagsisitahan sa kaniya! 18 Ang mga pulo nga ay
mayayanig sa kaarawan ng iyong pagbagsak; oo, ang mga
pulo na nangasa dagat ay manganglulupaypay sa iyong
pagyaon. 19 Sapagka't ganito ang sabi ng Panginoong Dios:
Pagka ikaw ay aking gagawing sirang bayan, na parang
mga bayan na hindi tinatahanan, pagka tatabunan kita ng
kalaliman, at tatakpan ka ng maraming tubig; 20 Ibababa
nga kita na kasama nila na bumababa sa hukay, sa mga tao
nang una, at patatahanin kita sa mga malalim na bahagi
ng lupa, sa mga dakong sira nang una, na kasama ng
nagsibaba sa hukay, upang ikaw ay huwag tahanan; at
ako'y maglalagay ng kaluwalhatian sa lupain ng buhay. 21
Gagawin kitang kakilakilabot, at hindi ka na mabubuhay:
bagaman ikaw ay hanapin ay hindi ka na masusumpungan
pa uli, sabi ng Panginoong Dios.

27 Ang salita ng Panginoon ay dumating uli sa akin, na
nagsasabi: 2 At ikaw, anak ng tao, panaghuyan mo
ang Tiro; 3 At sabihin mo sa Tiro, Oh ikaw na tumatahan
sa pasukan sa dagat, na ikaw ang mangangalakal sa mga
bansa sa maraming pulo, ganito ang sabi ng Panginoong
Dios: Ikaw, Oh Tiro, nagsabi, Ako'y sakdal sa kagandahan.
4 Ang iyong mga hangganan ay nangasa kalaliman ng
mga dagat, ang nagsipagtayo sa iyo ay nangagpasakdal
ng iyong kagandahan. 5 Ang ginawa nilang makakapal
mong tabla ay mga puno ng abeto na mula sa Senir: sila'y
nagsikuha ng cedro mula sa Libano, upang gawing palo ng
sasakyan mo. 6 Ginawa nilang iyong mga saguwan ang
mga encina sa Basan; ang kanilang ginawang mga bangko
mong garing na nalalapat sa kahoy na boj ay mula sa mga
pulo ng Chittim. 7 Manipis na kayong lino na yaring may
burda na mula sa Egipto ang iyong layag, upang maging
sa iyo'y isang watawat; kulay asul at morado na mula sa
mga pulo ng Elisah ang iyong kulandong. 8 Ang mga
nananahan sa Sidon at Arvad ay iyong mga mananaguwan:
ang iyong mga pantas, Oh Tiro, ay nangasa iyo, sila ang
iyong mga tagaugit. 9 Ang mga matanda sa Gebal at ang
mga pantas niyao'y pawang tagapagpasak mo: ang lahat
na sasakyan sa dagat sangpu ng mga tao ng mga yaon
ay nangasa iyo upang pangasiwaan ang iyong kalakal. 10
Ang Persia, ang Lud, at ang Phut ay nangasa iyong hukbo,
na iyong mga lalaking mangdidigma: kanilang ibinitin ang
kalasag at ang turbante sa iyo; nagpapaganda sa iyo. 11
Ang mga lalake sa Arvad na kasama ng iyong hukbo ay
nangasa ibabaw ng iyong mga kuta sa palibot, at ang mga
matatapang ay nasa iyong mga moog; kanilang isinabit
ang kanilang mga kalasag sa iyong mga kuta sa palibot;
kanilang pinasakdal ang iyong kagandahan. 12 Ang Tarsis
ay iyong mangangalakal dahil sa karamihan ng sarisaring
kayamanan; na ang pilak, bakal, lata, at tingga, ay ipinapalit
nila sa iyong mga kalakal. 13 Ang Javan, ang Tubal, at ang
Mesec, mga mangangalakal mo: kanilang kinakalakal ang
mga tao at ang mga sisidlang tanso na ipinapalit nila sa
iyong mga kalakal. 14 Ang sangbahayan ni Togarma ay
nakikipagpalitan sa iyong mga kalakal ng mga kabayo at ng
mga kabayong pangdigma at ng mga mula. 15 Ang mga
tao sa Dedan ay iyong mangangalakal: maraming pulo ay
nangagdadala ng kalakal sa iyong kamay: kanilang dinadala
sa iyo na pinakapalit ay mga sungay na garing at ebano. 16
Naging mangangalakal mo ang Siria dahil sa karamihan ng
iyong mga gawang kamay: sila'y nakikipagpalitan sa iyong
mga kalakal ng mga esmeralda, kulay ube, at yaring may
burda, at manipis na kayong lino, at gasang at mga rubi. 17
Naging mga mangangalakal mo ang Juda, at ang lupain
ng Israel: sila'y nakikipagpalitan sa iyong mga kalakal ng

trigo ng Minith, at ng pannag, at ng pulot, at ng langis, at
ng balsamo. 18 Mangangalakal mo ang Damasko dahil sa
karamihan ng iyong mga gawang kamay, dahil sa karamihan
ng sarisaring kayamanan, sangpu ng alak sa Helbon, at
maputing lana. 19 Nakikipagpalitan ang Vedan at Javan
sa iyong mga kalakal ng sinulid na lana: ang makinang
na bakal, ang kasia, at ang kalamo, ay ilan sa iyong mga
kalakal. 20 Naging iyong mangangalakal ang Dedan sa mga
mahalagang kayo na ukol sa pangangabayo. 21 Ang Arabia,
at lahat na prinsipe sa Cedar, mga naging mangangalakal
ng iyong kamay; sa mga cordero, at mga lalaking tupa, at
mga kambing, sa mga ito'y naging mga mangangalakal mo
sila. 22 Ang mga mangangalakal sa Seba at sa Raama,
mga naging mangangalakal mo; kanilang ipinapalit sa iyong
mga kalakal ang mga pinakamainam na especia, at lahat
na mahalagang bato, at ang ginto. 23 Ang Haran at ang
Canneh at ang Eden, na mga mangangalakal sa Seba, ang
Assur at ang Chilmad ay naging mga mangangalakal mo. 24
Ang mga ito ang iyong mga mangangalakal sa mga piling
kalakal sa mga balutan ng mga yaring asul at may burda,
at sa mga baul na may mainam na hiyas, natatalian ng
mga sintas, at yaring cedro, na ilan sa iyong mga kalakal.
25 Ang mga sasakyan sa Tarsis ay iyong mga pulutong
sa iyong kalakal: at ikaw ay napuno at naging totoong
maluwalhati sa kalagitnaan ng mga dagat. 26 Dinala ka ng
iyong mga manggagaod sa malawak na dagat: binagbag ka
ng hanging silanganan sa kalagitnaan ng dagat. 27 Ang
iyong kayamanan, at ang iyong mga kalakal, ang iyong tinda,
at ang iyong mga manggagaod, at ang iyong mga tagaugit,
ang iyong mga tagapagpasak, at ang nagsisipamahala ng
iyong mga kalakal, at ang lahat mong lalaking mangdidigma
na nangasa iyo, sangpu ng iyong lahat na pulutong na
nangasa gitna mo, mangalulubog sa kalagitnaan ng dagat
sa kaarawan ng iyong pagkasira. 28 Sa lakas ng hiyaw ng
iyong mga tagaugit, ang mga nayon ay mangayayanig. 29 At
lahat na nagsisihawak ng gaod, ang mga tao sa sasakyan,
at lahat ng tagaugit sa dagat, ay magsisibaba sa kanilang
mga sasakyan; sila'y magsisitayo sa ibabaw ng lupain, 30 At
iparirinig ang kanilang tinig sa iyo, at hihiyaw ng kalagimlagim,
at mangagbubuhos ng alabok sa kanilang mga ulo, sila'y
magsisigumon sa mga abo: 31 At mangagpapakakalbo
dahil sa iyo, at mangagbibigkis ng kayong magaspang, at
kanilang iiyakan ka ng kapanglawpanglaw sa kalooban,
na may mapanglaw na pananangis. 32 At sa kanilang
pagtangis ay pananaghuyan ka nila, at tatangisan ka, na
sasabihin, Sino ang gaya ng Tiro na gaya niya na nadala
sa katahimikan sa gitna ng dagat? 33 Pagka ang iyong
mga kalakal ay inilalabas sa mga dagat, iyong binubusog
ang maraming bayan; iyong pinayaman ang mga hari sa
lupa ng karamihan ng iyong mga kayamanan at ng iyong
mga kalakal. 34 Sa panahon na ikaw ay bagbag sa tabi ng
mga dagat sa kalaliman ng tubig, ang iyong kalakal at ang
iyong buong pulutong ay lumubog sa gitna mo. 35 Lahat ng
mananahan sa mga pulo ay nangatitigilan dahil sa iyo, at
ang kanilang mga hari ay nangatakot ng di kawasa, sila'y
nangamanglaw sa kanilang mukha. 36 Pinagsutsutan ka ng
mga mangangalakal sa gitna ng mga bayan; ikaw ay naging
kakilakilabot, at hindi ka na mabubuhay pa.

28 Ang salita ng Panginoon ay dumating uli sa akin, na
nagsasabi, 2 Anak ng tao, sabihin mo sa prinsipe sa
Tiro, Ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Sapagka't ang
iyong puso ay nagmataas, at iyong sinabi, Ako'y dios, ako'y
nauupo sa upuan ng Dios, sa gitna ng mga dagat; gayon
man ikaw ay tao, at hindi Dios, bagaman iyong inilagak ang
iyong puso na parang puso ng Dios; 3 Narito, ikaw ay lalong
marunong kay Daniel; walang lihim na malilihim sa iyo; 4
Sa pamamagitan ng iyong karunungan, at ng iyong unawa,
nagkaroon ka ng mga kayamanan, at nagkaroon ka ng ginto
at pilak sa iyong mga ingatang-yaman; 5 Sa pamamagitan
ng iyong dakilang karunungan at ng iyong pangangalakal ay
napalago mo ang iyong mga kayamanan, at ang iyong puso
ay nagmataas dahil sa iyong kayamanan; 6 Kaya't ganito
ang sabi ng Panginoong Dios: Sapagka't iyong inilagak ang
iyong puso na parang puso ng Dios, 7 Kaya't narito, ako'y
magdadala ng mga taga ibang lupa sa iyo, na kakilakilabot
sa mga bansa; at kanilang bubunutin ang kanilang mga tabak
laban sa kagandahan ng iyong karunungan, at kanilang
dudumhan ang iyong kaningningan. 8 Kanilang ibababa ka
sa hukay; at ikaw ay mamamatay ng kamatayan niyaong
nangapatay sa kalagitnaan ng mga dagat. 9 Sabihin mo pa
kaya sa harap niya na pumapatay sa iyo, Ako'y Dios? nguni't
ikaw ay tao, at hindi Dios, sa kamay niya na sumusugat
sa iyo. 10 Ikaw ay mamamatay ng pagkamatay ng mga
hindi tuli sa pamamagitan ng kamay ng mga taga ibang
lupa: sapagka't ako ang nagsalita, sabi ng Panginoong
Dios. 11 Bukod dito'y ang salita ng Panginoon ay dumating
sa akin, na nagsasabi, 12 Anak ng tao, panaghuyan mo
ang hari sa Tiro, at sabihin mo sa kaniya, Ganito ang sabi
ng Panginoong Dios, iyong tinatatakan ang kabuoan, na
puno ng karunungan, at sakdal sa kagandahan. 13 Ikaw ay
nasa Eden, na halamanan ng Dios; lahat na mahalagang
bato ay iyong kasuutan, ang sardio, ang topacio, at ang
diamante, ang berilo, ang onix, at ang jaspe, ang zafiro, ang
esmeralda, at ang karbungko, at ang ginto: ang pagkayari
ng iyong pandereta at iyong mga plauta ay napasa iyo; sa
kaarawan na ikaw ay lalangin ay nangahanda. 14 Ikaw ang
pinahirang kerubin na tumatakip: at itinatag kita, na anopa't
ikaw ay nasa ibabaw ng banal na bundok ng Dios; ikaw ay

nagpanhik manaog sa gitna ng mga batong mahalaga. 15
Ikaw ay sakdal sa iyong mga lakad mula sa araw na ikaw ay
lalangin, hanggang sa ang kalikuan ay nasumpungan sa iyo.
16 Dahil sa karamihan ng iyong kalakal ay kanilang pinuno
ang gitna mo ng pangdadahas, at ikaw ay nagkasala: kaya't
inihagis kitang parang dumi mula sa bundok ng Dios; at
ipinahamak kita, Oh tumatakip na kerubin, mula sa gitna ng
mga batong mahalaga. 17 Ang iyong puso ay nagmataas
dahil sa iyong kagandahan; iyong ipinahamak ang iyong
karunungan dahil sa iyong kaningningan: aking inihagis ka
sa lupa; aking inilagay ka sa harap ng mga hari, upang
kanilang masdan ka. 18 Sa pamamagitan ng karamihan ng
iyong mga kasamaan, sa kalikuan ng iyong pangangalakal,
iyong nilapastangan ang iyong mga santuario: kaya't ako'y
naglabas ng apoy sa gitna mo; sinupok ka, at pinapaging abo
ka sa ibabaw ng lupa sa paningin ng lahat na nanganonood
sa iyo. 19 Silang lahat na nangakakakilala sa iyo sa gitna
ng mga bayan, mangatitigilan dahil sa iyo: ikaw ay naging
kakilakilabot, at ikaw ay hindi na mabubuhay pa. 20 At ang
salita ng Panginoon ay dumating sa akin, na nagsasabi,
21 Anak ng tao, ititig mo ang iyong mukha sa Sidon, at
manghula ka laban doon, 22 At iyong sabihin, ganito ang sabi
ng Panginoong Dios: Narito, ako'y laban sa iyo, Oh Sidon; at
ako'y luluwalhati sa gitna mo; at kanilang malalaman na
ako ang Panginoon, pagka ako'y naglapat ng kahatulan
sa kaniya, at aariing banal sa kaniya. 23 Sapagka't ako'y
magpaparating sa kaniya ng salot at dugo sa kaniyang mga
lansangan; at ang mga may sugat ay mangabubuwal sa gitna
niya, sa pamamagitan ng tabak, na nakaumang sa kaniya sa
lahat ng dako; at kanilang malalaman na ako ang Panginoon.
24 At hindi na magkakaroon pa ng dawag na nakakasalubsob
sa sangbahayan ni Israel, o ng tinik mang mapangpahirap sa
alin man sa nangasa palibot niya, na nagwalang kabuluhan
sa kanila; at kanilang malalaman na ako ang Panginoong
Dios. 25 Ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Pagka aking
napisan ang sangbahayan ni Israel mula sa mga bayan na
kanilang pinangalatan, at ako'y aariing banal sa kanila sa
paningin ng mga bansa, sila nga'y magsisitahan sa kanilang
sariling lupain na aking ibinigay sa aking lingkod na kay
Jacob. 26 At sila'y magsisitahang tiwasay roon, oo, sila'y
mangagtatayo ng mga bahay, at mag-uubasan, at tatahang
tiwasay, pagka ako'y nakapaglapat ng mga kahatulan sa
lahat na nangagwawalang kabuluhan sa palibot nila: at
kanilang malalaman na ako ang Panginoon nilang Dios.

29 Nang ikasangpung taon, nang ikasangpung buwan,
nang ikalabing dalawang araw ng buwan, ang salita
ng Panginoon ay dumating sa akin, na nagsasabi, 2 Anak
ng tao, ititig mo ang iyong mukha laban kay Faraon na
hari sa Egipto, at manghula ka laban sa kaniya, at laban
sa buong Egipto; 3 Iyong salitain, at iyong sabihin, Ganito
ang sabi ng Panginoong Dios: Narito, ako'y lalaban sa iyo,
Faraong hari sa Egipto, na malaking buwaya na nahihiga
sa gitna ng kaniyang mga ilog, na nagsabi: Ang ilog ko ay
aking sarili, at aking ginawa sa ganang aking sarili. 4 At
kakawitan kita ng mga pangbingwit sa iyong mga panga,
at aking padidikitin ang isda ng iyong mga ilog sa iyong
mga kaliskis; at isasampa kita mula sa gitna ng iyong mga
ilog, na kasama ng lahat na isda ng iyong mga ilog na
magsisidikit sa iyong mga kaliskis. 5 At ikaw ay aking iiwan
tapon sa ilang, ikaw at ang lahat na isda ng iyong mga
ilog: ikaw ay mabubuwal sa luwal na parang; ikaw ay hindi
pipisanin, o pupulutin man; aking ibinigay kang pagkain
sa mga hayop sa lupa, at sa mga ibon sa himpapawid. 6
At lahat ng nananahan sa Egipto ay makakaalam na ako
ang Panginoon, sapagka't sila'y naging tukod na tambo sa
sangbahayan ni Israel. 7 Nang kanilang pigilan ka sa iyong
kamay, iyong binali, at iyong nilabnot ang kanilang mga
balikat; at nang sila'y sumandal sa iyo, iyong binalian, at
iyong pinapanghina ang kanilang mga balakang. 8 Kaya't
ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Narito, pagdadalhan
kita ng tabak sa iyo, at aking ihihiwalay sa iyo ang tao at
hayop. 9 At ang lupain ng Egipto ay magiging giba at sira;
at kanilang malalaman na ako ang Panginoon. Sapagka't
kaniyang sinabi, Ang ilog ay akin, at aking ginawa; 10 Kaya't,
narito, ako'y laban sa iyo, at laban sa iyong mga ilog, at
aking lubos na gigibain at sisirain ang lupain ng Egipto, mula
sa moog ng Seveneh hanggang sa hangganan ng Etiopia. 11
Walang paa ng tao na daraan doon, o paa man ng hayop ay
daraan doon, o tatahanan man siyang apat na pung taon. 12
At aking gagawing sira ang lupain ng Egipto sa gitna ng mga
lupain na sira; at ang kaniyang mga bayan sa gitna ng mga
bayang giba ay magiging sira na apat na pung taon; at aking
pangangalatin ang mga taga Egipto sa gitna ng mga bansa,
at aking pananabugin sila sa mga lupain. 13 Sapagka't
ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Sa katapusan ng
apat na pung taon ay aking pipisanin ang mga taga Egipto,
mula sa mga bayan na kanilang pinangalatan; 14 At aking
ibabalik uli ang mga bihag sa Egipto, at aking pababalikin
sila sa lupain ng Patros, na lupain na kinapanganakan sa
kanila; at sila'y magiging doo'y isang mababang kaharian. 15
Siyang magiging pinakamababa sa mga kaharian; at hindi
na matataas pa man ng higit kay sa mga bansa: at aking
babawasan sila, upang huwag na silang magpuno sa mga
bansa. 16 At hindi na magiging pagasa pa ng sangbahayan
ni Israel, na nagpapaalaala ng kasamaan, pagka kanilang
lilingunin sila: at kanilang malalaman na ako ang Panginoong
Dios. 17 At nangyari, nang ikadalawang pu't pitong taon,
nang unang buwan, nang unang araw ng buwan, ang salita

ng Panginoon ay dumating sa akin, na nagsasabi: **18** Anak
ng tao, pinapaglilingkod ng mabigat ni Nabucodonosor na
hari sa Babilonia ang kaniyang kawal laban sa Tiro: lahat ng
ulo ay nakalbo, at lahat ng balikat ay nalabnot; gayon ma'y
wala siyang kaupahan, o ang kaniyang hukbo man, mula
sa Tiro, sa paglilingkod na kaniyang ipinaglingkod laban
doon. **19** Kaya't ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Narito,
aking ibibigay ang lupain ng Egipto kay Nabucodonosor na
hari sa Babilonia; at dadalhin niya ang kaniyang karamihan,
at kukunin ang samsam sa kaniya, at kukunin ang huli sa
kaniya; at magiging kaupahan para sa kaniyang hukbo. **20**
Ibinigay ko sa kaniya ang lupain ng Egipto na pinakaganti
sa kaniya dahil sa kaniyang ipinaglingkod, sapagka't sila'y
nagsipagpagal ng dahil sa akin, sabi ng Panginoong Dios. **21**
Sa araw na yao'y aking palilitawin ang isang sungay upang
tumulong sa sangbahayan ni Israel, at aking papangyayarihin
ang iyong salita sa gitna nila: at kanilang malalaman na ako
ang Panginoon.

**30** Ang salita ng Panginoon ay dumating uli sa akin,
na nagsasabi, **2** Anak ng tao, manghula ka, at
iyong sabihin, Ganito ang sabi ng Panginoong Dios:
Manambitan kayo: Sa aba ng araw na yaon! **3** Sapagka't
ang kaarawan ay malapit na, sa makatuwid baga'y ang
kaarawan ng Panginoon ay malapit na; magiging kaarawan
ng pagaalapaap; panahon ng mga bansa. **4** At isang
tabak ay darating sa Egipto, at kahirapan ay sasa Etiopia,
pagka ang mga patay ay mangabubuwal sa Egipto; at
dadalhin nila ang kaniyang karamihan, at ang kaniyang mga
patibayan ay mangawawasak. **5** Ang Etiopia, at ang Phut,
at ang Lud, at ang buong halohalong bayan, at ang Chub,
at ang mga anak ng lupain na nangasa pagkakasundo,
mangabubuwal na kasama nila sa pamamagitan ng tabak. **6**
Ganito ang sabi ng Panginoon: Sila namang nagsialalay sa
Egipto ay mangabubuwal; at ang kapalaluan ng kaniyang
kapangyarihan ay mabababa: mula sa moog ng Seveneh ay
mangabubuwal sila roon sa pamamagitan ng tabak, sabi ng
Panginoong Dios. **7** At sila'y magiging sira sa gitna ng mga
lupain na sira; at ang kaniyang mga bayan ay ibibilang sa
mga bayan na giba. **8** At kanilang malalaman na ako ang
Panginoon, pagka ako'y nagsulsol ng apoy sa Egipto, at
lahat niyang katulong ay nangalipol. **9** Sa araw na yaon
ay magsisilabas ang mga sugo mula sa harap ko sa mga
sasakyan upang takutin ang mga walang bahalang taga
Etiopia; at magkakaroon ng kahirapan sa kanila gaya sa
kaarawan ng Egipto; sapagka't narito, dumarating. **10** Ganito
ang sabi ng Panginoong Dios: Akin namang paglilikatin ang
karamihan ng Egipto, sa pamamagitan ni Nabucodonosor na
hari sa Babilonia. **11** Siya at ang kaniyang bayan na kasama
niya, na kakilakilabot sa mga bansa, ay ipapasok upang
gibain ang lupain; at kanilang hahawakan ang kanilang mga
tabak laban sa Egipto, at pupunuin ng mga patay ang lupain.
**12** At aking tutuyuin ang mga ilog, at aking ipagbibili ang
lupain sa kamay ng mga masamang tao; at aking sisirain
ang lupain, at lahat na nandoon, sa pamamagitan ng kamay
ng mga taga ibang lupa: akong Panginoon ang nagsalita.
**13** Ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Akin din namang
sisirain ang mga diosdiosan, at aking paglilikatin ang mga
larawan sa Memphis; at hindi na magkakaroon pa ng prinsipe
sa lupain ng Egipto; at ako'y maglalagay ng katakutan sa
lupain ng Egipto. **14** At aking sisirain ang Patros, at ako'y
magsisilab ng apoy sa Zoan, at maglalapat ako ng mga
kahatulan sa No. **15** At aking ibubugso ang aking kapusukan
sa Sin, na katibayan ng Egipto; at aking ihihiwalay ang
karamihan ng mga taga No. **16** At ako'y magsusulsol ng apoy
sa Egipto: ang Sin ay malalagay sa malaking kadalamhatian,
at ang No ay magigiba: at ang Memphis ay magkakaroon
ng mga kaaway sa kaarawan. **17** Ang mga binata sa Aven
at sa Pi-beseth ay mangabubuwal sa pamamagitan ng
tabak; at ang mga ito ay magsisipasok sa pagkabihag.
**18** Sa Tafnes nama'y magdidilim ang araw, pagka aking
inalis roon ang mga atang ng Egipto, at ang kapalaluan
ng kaniyang kapangyarihan ay maglilikat doon: tungkol sa
kaniya, ay tatakpan siya ng alapaap, at ang kaniyang mga
anak na babae ay magsisipasok sa pagkabihag. **19** Ganito
maglalapat ako ng mga kahatulan sa Egipto; at kanilang
malalaman na ako ang Panginoon. **20** At nangyari nang
ikalabing isang taon nang unang buwan, nang ikapitong
araw ng buwan, na ang salita ng Panginoon ay dumating sa
akin, na nagsasabi, **21** Anak ng tao, aking binali ang kamay
ni Faraon na hari sa Egipto; at, narito, hindi natalian, upang
lapatan ng mga gamot, na lagyan ng isang tapal upang
talian, upang humawak na matibay ng tabak. **22** Kaya't
ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Narito, ako'y laban kay
Faraon na hari sa Egipto, at aking babaliin ang kaniyang
mga bisig, ang malakas na bisig, at yaon na nabali; at aking
palalagpakin ang tabak mula sa kaniyang kamay. **23** At
aking pangangalatin ang mga taga Egipto sa gitna ng mga
bansa, at pananabugin ko sila sa mga lupain. **24** At aking
palalakasin ang mga bisig ng hari sa Babilonia, at ilalagay ko
ang aking tabak sa kaniyang kamay; nguni't aking babaliin
ang mga bisig ni Faraon, at siya'y dadaing sa harap niyaon
ng mga daing ng taong nasugatan ng ikamamatay. **25** At
aking aalalayan ang mga bisig ng hari sa Babilonia; at ang
mga bisig ni Faraon ay bababa; at kanilang malalaman na
ako ang Panginoon, pagka aking ilalagay ang aking tabak sa
kamay ng hari sa Babilonia, at kaniyang iuunat sa lupain ng
Egipto. **26** At aking pangangalatin ang mga taga Egipto sa

gitna ng mga bansa, at pananabugin ko sila sa mga lupain;
at kanilang malalaman na ako ang Panginoon.

**31** At nangyari nang ikalabing isang taon, nang ikatlong
buwan, nang unang araw ng buwan, na ang salita
ng Panginoon ay dumating sa akin, na nagsasabi, **2** Anak
ng tao, sabihin mo kay Faraon, na hari sa Egipto, at sa
kaniyang karamihan: Sino ang iyong kawangis sa iyong
kalakhan? **3** Narito, ang taga Asiria ay isang cedro sa
Libano, na may magandang mga sanga, at may mayabong
na lilim, at may mataas na kataasan; at ang kaniyang dulo
ay nasa gitna ng mga mayabong na sanga. **4** Kinakandili
siya ng tubig, pinalalaki siya ng kalaliman: ang kaniyang mga
ilog ay nagsisiagos sa palibot ng kaniyang kinatatamnan; at
kaniyang pinaaagos ang kaniyang mga bangbang ng tubig
sa lahat ng punong kahoy sa parang. **5** Kaya't ang kaniyang
kataasan ay nataas ng higit kay sa lahat na punong kahoy
sa parang; at ang kaniyang mga sanga ay nagsidami, at
ang kaniyang mga sanga ay nagsihaba dahil sa karamihan
ng tubig, nang kaniyang pabugsuan. **6** Lahat ng ibon sa
himpapawid ay nagsigawa ng kanilang mga pugad sa
kaniyang mga sanga; at sa ilalim ng kaniyang mga sanga ay
nagsipanganak ang lahat ng mga hayop sa parang; at sa
kaniyang lilim ay nagsitahan ang lahat na malaking bansa. **7**
Ganito siya gumanda sa kaniyang kalakhan, sa kahabaan ng
kaniyang mga sanga: sapagka't ang kaniyang ugat ay nasa
siping ng maraming tubig. **8** Ang mga cedro sa halamanan
ng Dios hindi makapantay sa kaniya; ang mga puno ng
abeto ay hindi gaya ng kaniyang mga sanga, at ang mga
puno ng kastano ay hindi gaya ng kaniyang mga sanga,
o may anomang punong kahoy sa halamanan ng Dios na
kagaya niya sa kaniyang kagandahan. **9** Pinaganda ko siya
sa karamihan ng kaniyang mga sanga, na anopa't lahat ng
punong kahoy sa Eden, na nangasa halamanan ng Dios,
nanaghili sa kaniya. **10** Kaya't ganito ang sabi ng Panginoong
Dios: Sapagka't ikaw ay nataas sa kataasan, at inilagay niya
ang kaniyang dulo sa gitna ng mga mayabong na sanga, at
ang kaniyang puso ay nagmataas sa kaniyang pagkataas;
**11** Aking ibibigay nga siya sa kamay ng makapangyarihan
sa mga bansa; walang pagsalang siya'y susugpuin: aking
pinalayas siya dahil sa kaniyang kasamaan. **12** At inihiwalay
siya at iniwan siya, ng mga taga ibang lupa, ng kakilakilabot
sa mga bansa: sa ibabaw ng mga bundok at sa lahat ng
mga libis ay nangalaglag ang kaniyang mga sanga, at ang
kaniyang mga sanga ay nangabali sa siping ng lahat ng mga
ilog ng lupain; at bumaba ang lahat ng tao sa lupa mula
sa kaniyang lilim at iniwan siya. **13** Sa kaniyang guho ay
magsisitahan ang lahat ng mga ibon sa himpapawid, at lahat
ng mga hayop sa parang ay mangapapa sa kaniyang mga
sanga; **14** Upang walang magmataas sa kanilang kataasan
sa lahat na punong kahoy sa siping ng tubig, o maglagay
man ng kanilang dulo sa gitna ng mga mayabong na sanga,
o ang kanila mang mga makapangyarihan ay magsitayo sa
kanilang pagkataas, sa makatuwid baga'y yaong lahat na
nagsisiinom ng tubig: sapagka't silang lahat ay nangabigay
sa kamatayan, sa pinakamalalim na bahagi ng lupa, sa
gitna ng mga anak ng tao, na kasama ng nagsibaba sa
hukay. **15** Ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Nang araw
na siya'y bumaba sa Sheol ay nagpatangis ako: aking
tinakpan ang kalaliman dahil sa kaniya, at pinigil ko ang
mga ilog niya; at ang mga malaking ilog ay nagsitigil; at
aking pinapanangis sa kaniya ang Libano, at ang lahat na
punong kahoy sa parang ay nanglupaypay dahil sa kaniya.
**(Sheol h7585)** **16** Aking niyanig ang mga bansa sa hugong ng
kaniyang pagkabuwal, nang aking ihagis siya sa Sheol na
kasama ng nagsibaba sa hukay; at ang lahat na punong
kahoy sa Eden, ang pili at pinakamahusay ng Libano, lahat
ng nagsisiinom ng tubig ay nangaaliw sa pinakamalalim na
bahagi ng lupa. **(Sheol h7585)** **17** Sila rin nama'y nagsibaba sa
Sheol na kasama niya sa kanila na nangapatay ng tabak;
oo, silang pinakakamay niya na nagsisitahan sa kaniyang
lilim sa gitna ng mga bansa. **(Sheol h7585)** **18** Sino ang gaya
mong ganito sa kaluwalhatian at sa kalakhan sa gitna ng
mga punong kahoy sa Eden? gayon ma'y mabababa ka na
kasama ng mga punong kahoy sa Eden, sa pinakamalalim
na bahagi ng lupa: ikaw ay malalagay sa gitna ng mga di
tuli, na kasama nila na nangapatay ng tabak. Ito'y si Faraon
at ang buo niyang karamihan, sabi ng Panginoong Dios.

**32** At nangyari, nang ikalabing dalawang taon, nang
ikalabing dalawang buwan, nang unang araw ng
buwan, na ang salita ng Panginoon ay dumating sa akin,
na nagsasabi: **2** Anak ng tao, panaghuyan mo si Faraong
hari sa Egipto, at sabihin mo sa kaniya, Ikaw ay kawangis
ng isang batang leon sa mga bansa; gayon man ikaw ay
parang malaking hayop sa mga dagat; at ikaw ay sumagupa
sa iyong mga ilog, at nilabo mo ng iyong mga paa ang tubig,
at dinumhan mo ang kanilang mga ilog. **3** Ganito ang sabi
ng Panginoong Dios: Aking ilaladlad ang aking lambat sa iyo
na kasama ng isang pulutong ng maraming tao; at iaahon ka
nila sa aking lambat. **4** At iiwan kita sa lupain, ihahagis kita
sa luwal na parang, at aking padadapuin sa iyo ang lahat ng
mga ibon sa himpapawid, at aking bubusugin sa iyo ang mga
hayop ng buong lupa. **5** At aking ilalagay ang iyong laman
sa ibabaw ng mga bundok, at pupunuin ko ang mga libis ng
iyong kataasan. **6** Akin namang didiligin ng iyong dugo ang
lupain na iyong nilalanguyan, hanggang sa mga bundok; at
ang mga daan ng tubig ay mapupuno. **7** At pagka ikaw ay
aking nautas, aking tatakpan ang langit, at padidilimin ko ang
mga bituin niyaon; aking tatakpan ng alapaap ang araw, at

ang buwan ay hindi magbibigay ng kaniyang liwanag. 8 Lahat
na maningning na liwanag sa langit ay aking padidilimin
sa iyo, at tatakpan ko ng kadiliman ang iyong lupain, sabi
ng Panginoong Dios. 9 Akin namang papaghihirapin ang
puso ng maraming bayan, pagka aking dadalhin ang iyong
kagibaan sa gitna ng mga bansa, sa mga lupain na hindi
mo nakilala. 10 Oo, aking papanggigilalasin ang maraming
bayan sa iyo, at ang kanilang mga hari ay lubhang matatakot
sa iyo, pagka aking ikinumpas ang aking tabak sa harap
nila; at sila'y manginginig tuwituwina, bawa't tao dahil sa
kaniyang sariling buhay sa kaarawan ng iyong pagkabuwal.
11 Sapagka't ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Ang tabak
ng hari sa Babilonia ay darating sa iyo. 12 Sa pamamagitan
ng mga tabak ng makapangyarihan ay aking ipabubuwal ang
iyong karamihan; kakilakilabot sa mga bansa silang lahat: at
kanilang wawalaing halaga ang kapalaluan ng Egipto, at
ang buong karamihan niyao'y malilipol. 13 Akin din namang
lilipuling lahat ang mga hayop niyaon mula sa siping ng
maraming tubig; at hindi na lalabukawin pa man ng paa ng
tao, o ang kuko man ng mga hayop ay magsisilabukaw
sa mga yaon. 14 Kung magkagayo'y aking palilinawin ang
kanilang tubig, at aking paaagusin ang kanilang mga ilog na
parang langis, sabi ng Panginoong Dios. 15 Pagka aking
gagawin ang lupain ng Egipto na sira at giba, na lupaing
iniwan ng lahat na nangandoon, pagka aking sasaktan silang
lahat na nagsisitahan doon kung magkagayon ay kanila
ngang malalaman na ako ang Panginoon. 16 Ito nga ang
panaghoy na kanilang itataghoy; na itataghoy ng mga anak
na babae ng mga bansa; sa Egipto, at sa lahat na kaniyang
karamihan ay itataghoy nila, sabi ng Panginoong Dios. 17
Nangyari rin nang ikalabing dalawang taon, nang ikalabing
limang araw ng buwan, na ang salita ng Panginoon ay
dumating sa akin na nagsasabi, 18 Anak ng tao, taghuyan
mo ang karamihan ng Egipto, at ibaba mo sila, sa makatuwid
baga'y siya, at ang mga anak na babae ng mga bantog na
bansa, hanggang sa pinakamalalim na bahagi ng lupa, na
kasama ng nagsibaba sa hukay. 19 Sinong iyong dinadaig
sa kagandahan? bumaba ka, at malagay kang kasama
ng mga di tuli. 20 Sila'y mangabubuwal sa gitna nila na
nangapatay ng tabak: siya'y nabigay sa tabak: ilabas mo
siya at ang lahat niyang karamihan. 21 Ang malakas sa gitna
ng makapangyarihan ay magsasalita sa kaniya na mula
sa gitna ng Sheol na kasama ng nagsitulong sa kaniya:
sila'y nagsibaba, sila'y nangakatigil, sa makatuwid baga'y
ang mga hindi tuli, na nangapatay ng tabak. **(Sheol h7585)** 22
Ang Assur ay nandoon at ang buo niyang pulutong; ang
kaniyang mga libingan ay nangasa palibot niya: silang lahat
na nangapatay, na nangabuwal sa pamamagitan ng tabak;
23 Na ang mga libingan ay nangalalagay sa pinakamalalim
na bahagi ng hukay, at ang kaniyang pulutong ay nasa
palibot ng kaniyang libingan; silang lahat na nangapatay, na
nangabuwal sa pamamagitan ng tabak, na nakapangingilabot
sa lupain ng buhay. 24 Nandoon ang Elam at ang buo niyang
karamihan sa palibot ng kaniyang libingan; silang lahat na
nangapatay na nangabuwal sa pamamagitan ng tabak, na
nagsibabang hindi mga tuli sa pinakamalalim na bahagi
ng lupa, na nakapagpangilabot sila sa lupain ng buhay, at
dinala ang kanilang kahihiyan na kasama ng nagsibaba sa
hukay. 25 Inilagay nila ang kaniyang higaan sa gitna ng mga
patay na kasama ng buong karamihan niya; ang kaniyang
mga libingan ay nangasa palibot niya; silang lahat na di
tuli na nangapatay sa pamamagitan ng tabak; sapagka't
nakapagpangilabot sila sa lupain ng buhay, at dinala nila
ang kanilang kahihiyan na kasama ng nagsibaba sa hukay:
siya'y nalagay sa gitna niyaong nangapatay. 26 Nandoon
ang Mesech, ang Tubal, at ang buo niyang karamihan; ang
mga libingan niya ay nangasa palibot niya; silang lahat
na hindi tuli, na nangapatay sa pamamagitan ng tabak;
sapagka't sila'y nakapagpangilabot sa lupain ng buhay. 27 At
sila'y hindi mangahihiga na kasama ng makapangyarihan
na nangabuwal sa mga di tuli, na nagsibaba sa Sheol na
may kanilang mga almas na pangdigma, at nangaglagay
ng kanilang mga tabak sa ilalim ng kanilang mga ulo, at
ang kanilang mga kasamaan ay nangasa kanilang mga
buto; sapagka't sila ang kakilabutan ng makapangyarihan sa
lupain ng buhay. **(Sheol h7585)** 28 Nguni't ikaw ay mabubuwal
sa gitna ng mga di tuli, at ikaw ay mahihiga na kasama nila
na nangapatay sa pamamagitan ng tabak. 29 Nandoon ang
Edom, ang kaniyang mga hari at lahat niyang prinsipe, na
sa kanilang kapangyarihan ay nangahiga na kasama ng
nangapatay ng tabak: sila'y mangahihiga na kasama ng mga
di tuli, at niyaong nagsibaba sa hukay. 30 Nandoon ang mga
prinsipe sa hilagaan, silang lahat, at lahat ng mga taga Sidon,
na nagsibabang kasama ng nangapatay; sa kakilabutan
na kanilang ipinangilabot ng kanilang kapangyarihan sila'y
nangapahiya; at sila'y nangahihigang hindi tuli na kasama
ng nangapapatay sa pamamagitan ng tabak, at taglay ang
kanilang kahihiyan na kasama ng nagsibaba sa hukay.
31 Makikita sila ni Faraon, at maaaliw sa lahat niyang
karamihan, sa makatuwid baga'y ni Faraon at ng buo niyang
hukbo, na nangapatay ng tabak, sabi ng Panginoong Dios.
32 Sapagka't inilagay ko ang kaniyang kakilabutan sa lupain
ng buhay; at siya'y ihihiga sa gitna ng mga di tuli, na kasama
ng nangapatay ng tabak, si Faraon at ang buong karamihan
niya, sabi ng Panginoong Dios.

**33** At ang salita ng Panginoon ay dumating sa akin, na
nagsasabi, 2 Anak ng tao, salitain mo sa mga anak ng
iyong bayan, at sabihin mo sa kanila, Pagka aking dinala

ang tabak sa lupain, kung ang bayan ng lupain ay kumuha
ng isang lalake sa gitna nila, at ilagay na pinakabantay nila;
3 Kung, pagkakita niya ng tabak na dumarating sa lupain,
kaniyang hipan ang pakakak, at magbigay alam sa bayan; 4
Sinoman ngang makarinig ng tunog ng pakakak, at hindi
pinansin kung ang tabak ay dumating at dalhin siya, ang
kaniyang dugo ay mapapasa kaniyang sariling ulo. 5 Narinig
niya ang tunog ng pakakak, at hindi pinansin; ang kaniyang
dugo ay sasa kaniya; sapagka't kung siya'y pumansin ay
kaniyang nailigtas sana ang kaniyang buhay. 6 Nguni't kung
makita ng bantay na dumarating ang tabak, at hindi humihip
ng pakakak, at ang bayan ay hindi napagbigyang alam, at
ang tabak ay dumating, at maghiwalay ng sinoman mula sa
gitna nila; siya'y nahiwalay sa kaniyang kasamaan, nguni't
ang kaniyang dugo ay sisiyasatin ko sa kamay ng bantay.
7 Sa gayo'y ikaw, anak ng tao, ay inilagay ko na bantay
sa sangbahayan ni Israel; kaya't dinggin mo ang salita
sa aking bibig, at magbigay alam ka sa kanila sa ganang
akin. 8 Pagka aking sinabi sa masama, Oh masamang tao,
ikaw ay walang pagsalang mamamatay, at ikaw ay hindi
nagsasalita upang magbigay alam sa masama ng kaniyang
lakad: ang masamang yaon ay mamamatay sa kaniyang
kasamaan, nguni't ang kaniyang dugo ay sisiyasatin ko
sa iyong kamay. 9 Gayon ma'y kung iyong bigyang alam
ang masama ng kaniyang lakad upang humiwalay, at hindi
niya hiniwalayan ang kaniyang lakad; mamamatay siya sa
kaniyang kasamaan, nguni't iniligtas mo ang iyong kaluluwa.
10 At ikaw, anak ng tao, sabihin mo sa sangbahayan ni
Israel, Ganito ang inyong sinasalita, na sinasabi, Ang aming
pagsalangsang, at ang aming mga kasalanan ay nangasa
amin, at aming pinanglulupaypayan; paano ngang kami ay
mangabubuhay? 11 Sabihin mo sa kanila, Buhay ako, sabi
ng Panginoong Dios, wala akong kasayahan sa kamatayan
ng masama; kundi ang masama ay humiwalay sa kaniyang
lakad at mabuhay: manumbalik kayo, manumbalik kayo
na mula sa inyong masasamang lakad; sapagka't bakit
kayo mangamamatay, Oh sangbahayan ni Israel? 12 At
ikaw, anak ng tao, sabihin mo sa mga anak ng iyong
bayan, Ang katuwiran ng matuwid ay hindi makapagliligtas
sa kaniya sa kaarawan ng kaniyang pagsalangsang; at
tungkol sa kasamaan ng masama, hindi niya kabubuwalan
sa araw na kaniyang hiwalayan ang kaniyang kasamaan;
ni ikabubuhay man ng matuwid ang kaniyang katuwiran
sa araw na siya'y magkasala. 13 Pagka aking sasabihin
sa matuwid na siya'y walang pagsalang mabubuhay; kung
siya'y tumiwala sa kaniyang katuwiran, at gumawa ng
kasamaan, anoman sa kaniyang mga matuwid na gawa ay
hindi aalalahanin; kundi sa kaniyang kasamaan na kaniyang
nagawa doon siya mamamatay. 14 Muli, pagka aking sinabi
sa masama, Ikaw ay walang pagsalang mamamatay; kung
kaniyang iwan ang kaniyang kasalanan, at gawin ang tapat
at matuwid; 15 Kung isauli ng masama ang sanla, ibigay uli
ang kinuha sa pagnanakaw, lumakad sa palatuntunan ng
buhay, na di gumawa ng kasamaan, siya'y walang pagsalang
mabubuhay, siya'y hindi mamamatay. 16 Wala sa kaniyang
mga kasalanan na kaniyang nagawa na aalalahanin laban sa
kaniya; kaniyang ginawa ang tapat at matuwid; siya'y walang
pagsalang mabubuhay. 17 Gayon ma'y sinabi ng mga anak
ng iyong bayan, Ang daan ng Panginoon ay hindi matuwid:
nguni't tungkol sa kanila, ay hindi matuwid ang kanilang
lakad. 18 Pagka iniwan ng matuwid ang kaniyang katuwiran,
at gumagawa ng kasamaan, kaniyang ikamamatay yaon. 19
At kung hiwalayan ng masama ang kaniyang kasamaan, at
gumawa ng tapat at matuwid, kaniyang ikabubuhay yaon. 20
Gayon ma'y inyong sinasabi, Ang daan ng Panginoon ay
hindi matuwid. Oh sangbahayan ni Israel, aking hahatulan
kayo bawa't isa, ayon sa kaniyang mga lakad. 21 At nangyari,
nang ikalabing dalawang taon ng ating pagkabihag, nang
ikasangpung buwan; nang ikalimang araw ng buwan, na isa
na nakatanan mula sa Jerusalem ay naparoon sa akin, na
nagsasabi, Ang bayan ay nasaktan. 22 Ang kamay nga ng
Panginoon ay sumaakin nang kinahapunan, bago dumating
ang nakatanan; at ibinuka niya ang aking bibig, hanggang sa
siya'y dumating sa akin nang kinaumagahan; at ang aking
bibig ay nabuka at hindi na ako pipi. 23 At ang salita ng
Panginoon ay dumating sa akin, na nagsasabi, 24 Anak ng
tao, ang nagsisitahan sa mga gibang dakong yaon ng lupain
ng Israel, ay nangagsasalita, na sinasabi, Si Abraham ay
iisa, at kaniyang minana ang lupain: nguni't tayo'y marami;
ang lupain ay ibinigay sa ating pinakamana. 25 Kaya't sabihin
mo sa kanila, Ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Kayo'y
nagsisikain ng may dugo, at itinataas ninyo ang inyong mga
mata sa inyong mga diosdiosan, at nagbububo ng dugo:
at inyo bagang aariin ang lupain? 26 Kayo'y nagsisitayo
sa inyong tabak, kayo'y nagsisigawa ng kasuklamsuklam,
at nanirang puri bawa't isa sa inyo ng asawa ng kaniyang
kapuwa: at inyo bagang aariin ang lupain? 27 Sabihin mong
ganito sa kanila, Ganito ang sabi ng Panginoong Dios:
Buhay ako, walang pagsalang silang nangasa mga ibang
dako ay mangabubuwal sa pamamagitan ng tabak, at siyang
nasa luwal na parang ay ibibigay ko sa mga hayop upang
lamunin, at silang nangasa mga katibayan at sa mga yungib
ay mangamamatay sa salot. 28 At aking gagawing sira ang
lupain at katigilan; at ang kahambugan ng kaniyang lakas ay
maglilikat; at ang mga bundok ng Israel ay mangasisira, na
walang dadaan. 29 Kung magkagayo'y malalaman nila na
ako ang Panginoon, pagka aking ginawang sira at katigilan
ang lupain, dahil sa lahat nilang kasuklamsuklam na kanilang

nagawa. 30 At tungkol sa iyo, anak ng tao, pinagsasalitaanan
ka pa ng mga anak ng iyong bayan sa siping ng mga pader
at sa mga pintuan ng mga bahay, at nangagsasalitaan na
bawa't isa'y sa kaniyang kapatid, na sinasabi, Pumarito ka,
isinasamo ko sa iyo, at dinggin mo kung ano ang salita
na nanggagaling sa Panginoon. 31 At dumating sa iyo
na wari ang bayan ay dumarating, at sila'y nagsisiupo sa
harap mo na gaya ng aking bayan, at kanilang dinidinig
ang iyong mga salita, nguni't hindi nila ginagawa; sapagka't
sila'y nangagsasalita ng malaking pagibig ng kanilang bibig,
nguni't ang kanilang puso ay nasa kanilang pakinabang. 32
At, narito, ikaw ay parang masayang awit sa kanila na may
maligayang tinig, at nakatutugtog na mabuti sa panugtog;
sapagka't kanilang naririnig ang iyong mga salita, nguni't
hindi nila ginagawa. 33 At pagka ito'y nangyari, (narito,
nangyayari, ) kanila ngang malalaman na isang propeta ay
napasa gitna nila.

34 At ang salita ng Panginoon ay dumating sa akin, na
nagsasabi, 2 Anak ng tao, manghula ka laban sa mga
pastor ng Israel, manghula ka, at iyong sabihin sa kanila, sa
mga pastor, Ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Sa aba
ng mga pastor ng Israel na pinakakain ang kanilang sarili!
hindi baga dapat pakanin ng mga pastor ang mga tupa? 3
Kayo'y nagsisikain ng gatas, at kayo'y nangananamit sa inyo
ng lana, inyong pinapatay ang mga pinataba; nguni't hindi
ninyo pinakakain ang mga tupa. 4 Hindi ninyo pinalakas ang
payat, o inyo mang pinagaling ang may sakit, o inyo mang
tinalian ang may bali, o inyo mang ibinalik ang iniligaw, o
inyo mang hinanap ang nawala; kundi inyong pinagpunuang
may karahasan at may kahigpitan. 5 At sila'y nangalat dahil
sa walang pastor, at sila'y naging pagkain sa lahat ng hayop
sa parang, at sila'y nangalat. 6 Ang aking mga tupa ay
nagsisilaboy sa lahat ng bundok, at sa lahat na mataas
na burol: oo, ang aking mga tupa ay nangalat sa buong
ibabaw ng lupa; at walang magsiyasat o humanap sa kanila.
7 Kaya't kayong mga pastor, pakinggan ninyo ang salita
ng Panginoon: 8 Buhay ako, sabi ng Panginoong Dios,
walang pagsala na dahil sa ang aking mga tupa ay naging
samsam, at ang aking mga tupa ay naging pagkain sa lahat
na hayop sa parang, sapagka't walang pastor, o hinanap
man ng aking mga pastor ang aking mga tupa, kundi ang
mga pastor ay nagsikain, at hindi pinakain ang aking mga
tupa; 9 Kaya't, Oh kayong mga pastor, pakinggan ninyo ang
salita ng Panginoon: 10 Ganito ang sabi ng Panginoong
Dios, Narito, ako'y laban sa mga pastor; at aking aalisin ang
aking mga tupa sa kanilang kamay, at akin silang patitigilin
ng pagpapakain ng mga tupa; at hindi na naman pakakanin
ng mga pastor ang kanilang sarili; at aking ililigtas ang aking
mga tupa sa kanilang bibig, upang huwag maging pagkain
sa kanila. 11 Sapagka't ganito ang sabi ng Panginoong Dios:
Narito, ako, sa makatuwid baga'y ako, sisiyasat ng aking mga
tupa, at aking hahanapin sila. 12 Kung paanong hinanap ng
pastor ang kaniyang kawan sa kaarawan na siya'y nasa gitna
ng kaniyang mga tupa na nangangalat, gayon ko hahanapin
ang aking mga tupa; at ililigtas ko sila sa lahat ng dako na
kanilang pinangalatan sa maulap at madilim na araw. 13 At
aking ilalabas sila sa mga bayan, at pipisanin ko sila mula
sa mga lupain, at dadalhin ko sila sa kanilang sariling lupain;
at pasasabsabin ko sila sa mga bundok ng Israel, sa tabi ng
mga daan ng tubig, at sa lahat na tinatahanang dako sa
lupain. 14 Aking pakakanin sila sa mabuting pastulan; at sa
mga mataas na bundok ng kataasan ng Israel ay malalagay
ang kanilang kulungan: doon mangahihiga sila sa mabuting
kulungan; at sa matabang pastulan ay manginginain sila
sa mga bundok ng Israel. 15 Ako ay magiging kanilang
pastor ng aking mga tupa at aking pahihigain sila, sabi
ng Panginoong Dios. 16 Aking hahanapin ang nawala, at
ibabalik ang iniligaw, at tatalian ang nabalian, at palalakasin
ang may sakit: nguni't aking lilipulin ang mataba at malakas;
aking pakakanin sila sa katuwiran. 17 At tungkol sa inyo,
Oh aking kawan, ganito ang sabi ng Panginoong Dios:
Narito, ako'y humahatol sa gitna ng hayop at hayop, sa
gitna ng mga lalaking tupa at mga kambing na lalake. 18
Inaakala baga ninyong munting bagay sa inyo na kumain
sa mabuting pastulan, nguni't inyong marapat yapakan ng
inyong mga paa ang nalabi sa inyong pastulan? at uminom
sa malinaw na tubig, nguni't inyong marapat lampisawin ng
inyong mga paa ang nalabi? 19 At tungkol sa aking mga
tupa, kanilang kinakain ang inyong niyapakan ng inyong
mga paa, at kanilang iniinom ang nilampisaw ng inyong
mga paa. 20 Kaya't ganito ang sabi ng Panginoong Dios sa
kanila: Narito, ako, sa makatuwid baga'y ako, ay hahatol sa
matabang tupa at sa payat na tupa. 21 Sapagka't inyong
itinulak ng tagiliran at ng balikat, at inyong sinuwag ng
inyong mga sungay ang lahat na may sakit, hanggang sa
inyong napangalat sila; 22 Kaya't aking ililigtas ang aking
kawan, at hindi na sila magiging samsam; at ako'y hahatol
sa tupa at tupa. 23 At ako'y maglalagay ng isang pastor
sa kanila, at kaniyang papastulin sila sa makatuwid baga'y
ang aking lingkod na si David; kaniyang papastulin sila, at
siya'y magiging kanilang pastor, 24 At akong Panginoon ay
magiging kanilang Dios, at ang aking lingkod na si David ay
prinsipe sa kanila; akong Panginoon ang nagsalita. 25 At
ako'y makikipagtipan sa kanila ng tipan ng kapayapaan,
at aking papawiin ang mga masamang hayop sa lupain;
at sila'y magsisitahang tiwasay sa ilang, at mangatutulog
sa mga gubat. 26 At aking gagawing mapapalad sila at
ang mga dakong nangasa palibot ng aking burol; at aking

palalagpakin ang ulan sa kapanahunan; magkakaroon ng
ulan ng pagpapala. 27 At ang punong kahoy sa parang
ay magbubunga, at ang lupa'y magsisibol ng halaman
niya, at sila'y matitiwasay sa kanilang lupain; at kanilang
malalaman na ako ang Panginoon, pagka aking binali ang
tali ng kanilang pamatok, at aking nailigtas sila sa kamay
ng mga pinaglilingkuran nila. 28 At sila'y hindi na magiging
pinakahuli sa mga bansa, o lalamunin man sila ng hayop sa
lupa; kundi sila'y magsisitahang tiwasay, at walang tatakot sa
kanila. 29 At aking pagkakalooban sila ng mga pananim na
ikababantog, at sila'y hindi na mangalilipol pa ng kagutom sa
lupain, o magtataglay pa man ng kahihiyan sa mga bansa.
30 At kanilang malalaman na akong Panginoon nilang Dios
ay sumasa kanila, at sila na sangbahayan ni Israel ay aking
bayan, sabi ng Panginoong Dios. 31 At kayong mga tupa ko,
na mga tupa sa aking pastulan ay mga tao, at ako'y inyong
Dios, sabi ng Panginoong Dios.

**35** Bukod dito'y ang salita ng Panginoon ay dumating sa
akin, na nagsasabi, 2 Anak ng tao, ititig mo ang iyong
mukha sa bundok ng Seir, at manghula ka laban doon, 3
At sabihin mo roon, Ganito ang sabi ng Panginoong Dios:
Narito, ako'y laban sa iyo, Oh bundok ng Seir, at aking
iniunat ang aking kamay laban sa iyo, at gagawin kitang
sira at katigilan. 4 Aking ilalagay na giba ang iyong mga
bayan, at ikaw ay magiging sira; at iyong malalaman na
ako ang Panginoon. 5 Sapagka't ikaw ay nagkaroon ng
laging pakikipagkaalit, at ibinigay mo ang mga anak ni Israel
sa kapangyarihan ng tabak sa kapanahunan ng kanilang
kasakunaan, sa kapanahunan ng parusang pinaka wakas; 6
Kaya't buhay ako, sabi ng Panginoong Dios, aking itatalaga
ka sa dugo, at ang dugo ay hahabol sa iyo: yamang hindi
mo kinapootan ang dugo, kaya't matatalaga ka sa dugo. 7
Ganito ko gagawin ang bundok ng Seir na isang katigilan at
kasiraan; at aking ihihiwalay sa kaniya siya na nagdaraan
at siyang nagbabalik. 8 At aking pupunuin ang kaniyang
mga bundok ng kaniyang mga nangapatay: sa iyong mga
burol at sa iyong mga libis at sa lahat mong mga daan ng
tubig ay mangabubuwal sila na nangapatay ng tabak. 9
Ikaw ay gagawin kong pangpalaging kasiraan, at ang iyong
mga bayan ay hindi tatahanan; at inyong malalaman na ako
ang Panginoon. 10 Sapagka't iyong sinabi, Ang dalawang
bansang ito, at ang dalawang lupaing ito ay magiging akin,
at aming aariin; bagaman kinaroroonan ng Panginoon: 11
Kaya't buhay ako, sabi ng Panginoong Dios, aking gagawin
ayon sa iyong galit, at ayon sa iyong pananaghili na iyong
ipinakilala sa iyong pagtatanim laban sa kanila: at ako'y
pakikilala sa gitna nila pagka aking hahatulan ka. 12 At
iyong malalaman na akong Panginoon ay nakarinig ng
lahat mong panunungayaw na iyong sinalita laban sa mga
bundok ng Israel, na sinasabi, Nangalagay na sira ang
mga yaon, nangabigay sa atin upang lamunin. 13 At kayo'y
nangagmalaki laban sa akin ng inyong bibig, at inyong
pinarami ang inyong mga salita laban sa akin: aking narinig
yaon. 14 Ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Pagka ang
buong lupa ay nagagalak, akin gagawin kang sira. 15 Kung
paanong ikaw ay nagalak sa mana ng sangbahayan ni
Israel, dahil sa sira, gayon ang gagawin ko sa iyo: ikaw ay
magiging sira, Oh bundok ng Seir, at buong Edom, oo, lahat
ng ito; at kanilang malalaman na ako ang Panginoon.

**36** At ikaw, anak ng tao, manghula ka laban sa mga
bundok ng Israel, at sabihin mo, Kayong mga bundok
ng Israel, pakinggan ninyo ang salita ng Panginoon. 2 Ganito
ang sabi ng Panginoong Dios: sapagka't sinabi ng kaaway
sa inyo, Aha! at, Ang dating mga mataas na dako ay aming
pag-aari; 3 Kaya't manghula ka, at iyong sabihin, Ganito
ang sabi ng Panginoong Dios: Sapagka't, sa makatuwid
baga'y sapagka't kanilang ginawang sira kayo, at nadaig
kayo sa lahat ng dako, upang kayo'y maging pag-aari ng
nalabi sa mga bansa, at kayo'y nabanggit ng mga labi ng
mga mangdadaldal, at masamang ulat ng bayan; 4 Kaya't
kayong mga bundok ng Israel, inyong pakinggan ang salita
ng Panginoong Dios: Ganito ang sabi ng Panginoong Dios
sa mga bundok at sa mga burol, sa mga daan ng tubig
at sa mga libis, sa mga sirang dako at sa mga bayan na
nangapabayaan, na mga naging samsam at kakutyaan na
nalabi sa mga bansa na nangasa palibot; 5 Kaya't ganito
ang sabi ng Panginoong Dios: Tunay na sa silakbo ng aking
paninibugho ay nagsalita ako laban sa nalabi sa mga bansa,
at laban sa buong Edom, na nagtakda ng aking lupain sa
kanilang sarili na pag-aari na may kagalakan ng buo nilang
puso, na may sama ng loob, upang ihagis na pinakasamsam.
6 Kaya't manghula ka tungkol sa lupain ng Israel, at sabihin
mo sa mga bundok at sa mga burol, sa mga daan ng tubig
at sa mga libis, Ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Narito,
ako'y nagsalita sa aking paninibugho at sa aking kapusukan,
sapagka't inyong tinaglay ang kahihiyan ng mga bansa. 7
Kaya't ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Aking itinaas ang
aking kamay, na aking sinasabi, Tunay na ang mga bansa
na nangasa palibot ninyo, mangagtataglay sila ng malaking
kahihiyan. 8 Nguni't, kayo, Oh mga bundok ng Israel, inyong
isusupling ang inyong mga sanga, at magbubunga sa aking
bayang Israel; sapagka't sila'y malapit nang dumating. 9
Sapagka't, narito, ako'y sa inyo, at ako'y babalik sa inyo, at
kayo'y mabubukid at mahahasikan; 10 At ako'y magpaparami
ng mga tao sa inyo, buong sangbahayan ni Israel, sa
makatuwid baga'y siyang lahat; at ang mga bayan ay
tatahanan, at ang mga sirang dako ay mangatatayo; 11
At ako'y magpaparami sa inyo ng tao at hayop; at sila'y

magsisidami at mangagkakaanak: at aking patatahanin kayo
ayon sa inyong dating kalagayan, at gagawan ko kayo ng
magaling kay sa una: at inyong malalaman na ako ang
Panginoon. 12 Oo, aking palalakarin sa inyo ang mga tao, sa
makatuwid baga'y ang aking bayang Israel; at kanilang aariin
ka, at ikaw ay magiging kanilang mana, at hindi mo na sila
wawalaan ng mga anak. 13 Ganito ang sabi ng Panginoong
Dios: Sapagka't kanilang sinasabi sa iyo, Ikaw na lupain ay
manglalamon nga ng mga tao, at naging mapagpahirap sa
iyong bansa; 14 Kaya't hindi ka na manglalamon pa ng mga
tao o papatay pa man sa iyong bansa, sabi ng Panginoong
Dios; 15 O iparirinig ko pa man sa iyo ang kahihiyan ng
mga bansa, o magtataglay ka pa man ng kakutyaan ng
mga bayan, o ititisod mo pa man ang iyong bansa, sabi ng
Panginoong Dios. 16 Bukod dito'y dumating sa akin ang
salita ng Panginoon, na nagsasabi, 17 Anak ng tao, nang
tumatahan ang sangbahayan ni Israel sa kanilang sariling
lupain, kanilang inihawa ng kanilang lakad at ng kanilang
mga gawa: ang kanilang lakad sa harap ko ay naging parang
karumihan ng babae sa kaniyang kapanahunan. 18 Kaya't
aking ibinugso ang aking kapusukan sa kanila dahil sa
dugo na kanilang ibinubo sa lupain, at dahil sa kanilang
nilapastangan ng kanilang mga diosdiosan; 19 At aking
pinangalat sila sa mga bansa, at sila'y nagsipanabog sa
mga lupain: ayon sa kanilang lakad at ayon sa kanilang mga
gawa ay hinatulan ko sila. 20 At nang sila'y dumating sa
mga bansa, na kanilang pinaroonan, kanilang nilapastangan
ang aking banal na pangalan; sa pagsasabi ng mga tao
tungkol sa kanila, Ang mga ito ay bayan ng Panginoon, at
nagsilabas sa kaniyang lupain. 21 Nguni't iginalang ko ang
aking banal na pangalan, na nilapastangan ng sangbahayan
ni Israel sa mga bansa na kanilang pinaroonan. 22 Kaya't
sabihin mo sa sangbahayan ni Israel, Ganito ang sabi
ng Panginoong Dios; Hindi ko ginawa ito dahil sa inyo,
Oh sangbahayan ni Israel, kundi dahil sa aking banal na
pangalan, na inyong nilapastangan sa mga bansa na inyong
pinaroonan. 23 At aking babanalin ang aking dakilang
pangalan, na nalapastangan sa mga bansa, na inyong
nilapastangan sa gitna nila; at malalaman ng mga bansa na
ako ang Panginoon, sabi ng Panginoong Dios, pagka ako'y
aariing banal sa inyo sa harap ng kanilang mga mata. 24
Sapagka't aking kukunin kayo sa mga bansa, at pipisanin ko
kayo na mula sa lahat ng lupain, at dadalhin ko kayo sa
inyong sariling lupain. 25 At ako'y magwiwisik ng malinis na
tubig sa inyo, at kayo'y magiging malinis: sa buo ninyong
karumihan, at sa lahat ninyong mga diosdiosan, lilinisin ko
kayo. 26 Bibigyan ko rin naman kayo ng bagong puso, at
lalagyan ko ang loob ninyo ng bagong diwa; at aking aalisin
ang batong puso sa inyong katawan, at aking bibigyan kayo
ng pusong laman. 27 At aking ilalagay ang aking Espiritu sa
loob ninyo, at palalakarin ko kayo ng ayon sa aking mga
palatuntunan, at inyong iingatan ang aking mga kahatulan, at
isasagawa. 28 At kayo'y magsisitahan sa lupain na ibinigay
ko sa inyong mga magulang; at kayo'y magiging aking
bayan, at ako'y magiging inyong Dios. 29 At lilinisin ko kayo
sa lahat ninyong karumihan: at aking patutubuin ang trigo,
at aking pararamihin, at hindi na ako magpaparating ng
kagutom sa inyo. 30 At aking pararamihin ang bunga ng
punong kahoy, at ang ani sa bukid, upang huwag na kayong
tumanggap pa ng kadustaan ng kagutom sa mga bansa.
31 Kung magkagayo'y inyong maaalaala ang inyong mga
masamang lakad, at ang inyong mga gawa na hindi mabuti;
at kayo'y mayayamot sa inyong sarili sa inyong paninging
sarili, dahil sa inyong mga kasamaan at dahil sa inyong mga
kasuklamsuklam. 32 Hindi dahil sa inyo ginagawa ko ito,
sabi ng Panginoong Dios, tantuin ninyo: kayo'y mangahiya
at mangalito dahil sa inyong mga lakad, Oh sangbahayan ni
Israel. 33 Ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Sa araw
na aking linisin kayo sa lahat ninyong kasamaan, aking
patatahanan ang mga bayan, at ang mga gibang dako ay
mangatatayo. 34 At ang lupain na naging sira ay mabubukid,
na naging sira sa paningin ng lahat na nangagdaraan. 35
At kanilang sasabihin, Ang lupaing ito na naging sira ay
naging gaya ng halamanan ng Eden; at ang sira at giba at
wasak na mga bayan ay nakukutaan at tinatahanan. 36 Kung
magkagayo'y malalaman ng mga bansa na nalabi sa palibot
ninyo na akong Panginoon ay nagtayo ng mga guhong
dako, at tinamnan ko ang dakong sira: akong Panginoon
ang nagsalita, at aking gagawin. 37 Ganito ang sabi ng
Panginoong Dios: Bukod dito pa'y pagsasanggunian ako
ng sangbahayan ni Israel, upang gawin sa kanila; ako'y
magpaparami sa kanila ng tao na parang kawan. 38 Kung
paano ang kawan na panghain, kung paano ang kawan
ng Jerusalem sa kanilang mga takdang kapistahan, gayon
mapupuno ang mga gibang bayan ng mga kawan ng mga
tao: at kanilang malalaman na ako ang Panginoon.

**37** Ang kamay ng Panginoon ay sumasa akin, at kaniyang
dinala ako sa Espiritu ng Panginoon, at inilagay niya
ako sa gitna ng libis; at yao'y puno ng mga buto. 2 At
pinaraan niya ako sa tabi ng mga yaon sa palibot: at, narito,
may totoong marami sa luwal na libis; at, narito, mga totoong
tuyo. 3 At kaniyang sinabi sa akin, Anak ng tao, maaari
bagang mabuhay ang mga butong ito? At ako'y sumagot,
Oh Panginoong Dios; ikaw ang nakakaalam. 4 Muling sinabi
niya sa akin, Manghula ka sa mga butong ito, at sabihin mo
sa kanila, Oh kayong mga tuyong buto, inyong pakinggan
ang salita ng Panginoon. 5 Ganito ang sabi ng Panginoong
Dios sa mga butong ito: Narito, aking papapasukin ang

hinga sa inyo, at kayo'y mangabubuhay. **6** At lalagyan
ko kayo ng mga litid, at babalutin ko kayo ng laman, at
tatakpan ko kayo ng balat, at lalagyan ko kayo ng hininga, at
kayo'y mangabubuhay; at inyong malalaman na ako ang
Panginoon. **7** Sa gayo'y nanghula ako ng gaya ng iniutos
sa akin: at habang ako'y nanghuhula, may naghinugong,
at, narito, isang lindol; at ang mga buto ay nangagkalapit,
buto sa kaniyang buto. **8** At ako'y tumingin, at, narito, may
mga litid sa mga yaon, at laman ay lumitaw sa mga yaon
at ang balat ay tumakip sa mga yaon sa ibabaw; nguni't
walang hininga sa kanila. **9** Nang magkagayo'y sinabi niya
sa akin, Manghula ka sa hangin, manghula ka, anak ng tao,
at sabihin mo sa hangin, Ganito ang sabi ng Panginoong
Dios: Manggaling ka sa apat na hangin, Oh hinga, at humihip
ka sa mga patay na ito, upang sila'y mangabuhay. **10** Sa
gayo'y nanghula ako ng gaya ng iniutos niya sa akin, at
ang hininga ay pumasok sa kanila, at sila'y nangabuhay, at
nagsitayo ng kanilang mga paa, isang totoong malaking
pulutong. **11** Nang magkagayo'y sinabi niya sa akin, Anak
ng tao, ang mga butong ito ay ang buong sangbahayan
ni Israel: narito, kanilang sinasabi, Ang ating mga buto ay
natuyo, at ang ating pagasa ay nawala; tayo'y lubos na
nahiwalay. **12** Kaya't manghula ka, at sabihin mo sa kanila,
Ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Narito, aking bubuksan
ang inyong mga libingan, at aking pasasampahin kayo mula
sa inyong mga libingan, Oh bayan ko; at aking dadalhin
kayo sa lupain ng Israel. **13** At inyong malalaman na ako
ang Panginoon, pagka aking binuksan ang inyong libingan,
at aking pinasampa kayo na mula sa inyong mga libingan,
Oh bayan ko. **14** At aking ilalagay ang aking Espiritu sa inyo,
at kayo'y mangabubuhay, at aking ilalagay kayo sa inyong
sariling lupain, at inyong mangalalaman na akong Panginoon
ang nagsalita, at nagsagawa, sabi ng Panginoon. **15** Ang
salita ng Panginoon ay dumating uli sa akin, na nagsasabi:
**16** At ikaw, anak ng tao, kumuha ka ng isang tungkod, at
sulatan mo sa ibabaw, Sa Juda at sa mga anak ni Israel na
kaniyang mga kasama: saka kumuha ka ng ibang tungkod,
at iyong sulatan: Sa Jose, na siyang tungkod ng Ephraim, at
sa buong sangbahayan ni Israel na kaniyang mga kasama:
**17** At iyong papagugnayugnayin sa ganang iyo na maging
isang tungkod, upang maging isa sa iyong kamay. **18** At
pagka ang mga anak ng iyong bayan ay mangagsasalita sa
iyo, na mangagsasabi, Hindi mo baga ipakikilala sa amin
kung ano ang kahulugan ng mga ito? **19** Sabihin mo sa
kanila, Ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Narito, aking
kukunin ang tungkod ng Jose, na nasa kamay ng Ephraim,
at ang mga lipi ng Israel na kaniyang mga kasama: at akin
silang isasama roon, sa tungkod ng Juda, at gagawin ko
silang isang tungkod, at sila'y magiging isa sa aking kamay.
**20** At ang tungkod na iyong sinusulatan ay hahawakan mo
sa harap ng kanilang mga mata. **21** At sabihin mo sa kanila,
Ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Narito, aking kukunin
ang mga anak ni Israel mula sa gitna ng mga bansa, na
kanilang pinaroonan, at pipisanin ko sila sa lahat ng dako, at
dadalhin ko sila sa kanilang sariling lupain: **22** At gagawin ko
silang isang bansa sa lupain, sa mga bundok ng Israel; at
isang hari ang magiging hari sa kanilang lahat; at hindi na
sila magiging dalawang bansa, o mahahati pa man sila sa
dalawang kaharian; **23** At hindi na naman mapapahamak
pa sila ng dahil sa kanilang mga diosdiosan, o sa kanila
mang mga kasuklamsuklam na bagay, o sa anoman sa
kanilang mga pagsalangsang; kundi aking ililigtas sila mula
sa lahat nilang tahanang dako, na kanilang pinagkasalanan,
at lilinisin ko sila: sa gayo'y magiging bayan ko sila, at
ako'y magiging kanilang Dios. **24** At ang aking lingkod
na si David ay magiging hari sa kanila; at silang lahat ay
magkakaroon ng isang pastor; magsisilakad din naman sila
ng ayon sa aking mga kahatulan, at susundin ang aking
mga palatuntunan, at isasagawa. **25** At sila'y magsisitahan
sa lupain na aking ibinigay kay Jacob na aking lingkod, na
tinahanan ng inyong mga magulang; at sila'y magsisitahan
doon, sila at ang kanilang mga anak, at ang mga anak ng
kanilang mga anak, magpakailan man: at si David na aking
lingkod ay magiging kanilang prinsipe magpakailan man. **26**
Bukod dito'y makikipagtipan ako ng tipan ng kapayapaan
sa kanila; magiging tipan na walang hanggan sa kanila; at
aking ilalagay sila, at pararamihin sila at itatatag ko ang
aking santuario sa gitna nila magpakailan man. **27** Ang
aking tabernakulo naman ay mapapasa gitna nila; at ako'y
magiging kanilang Dios, at sila'y magiging aking bayan.
**28** At malalaman ng mga bansa na ako ang Panginoon
na nagpapabanal sa Israel, pagka ang aking santuario ay
mapapasa gitna nila magpakailan man.

**38** At ang salita ng Panginoon ay dumating sa akin, na
nagsasabi, **2** Anak ng tao, iharap mo ang iyong mukha
sa dako ni Gog, sa lupain ng Magog, na prinsipe sa Ros,
sa Mesech, at sa Tubal, at manghula ka laban sa kaniya,
**3** At iyong sabihin, ganito ang sabi ng Panginoong Dios:
Narito, ako'y laban sa iyo, Oh Gog, na pangulo sa Ros, sa
Mesech, at sa Tubal: **4** At aking ipipihit ka sa palibot, at
kakawitan ko ng mga pangbingwit ang iyong mga panga,
at ilalabas kita, at ang iyong buong kawal, mga kabayo at
mga mangangabayo, na nasusuutan silang lahat ng buong
kasakbatan, na malaking pulutong na may longki at kalasag,
silang lahat ay nangagtatangan ng mga tabak: **5** Ang Persia,
ang Cus, at ang Phut ay kasama nila; silang lahat na may
kalasag at turbante; **6** Ang Gomer at ang lahat niyang mga
pulutong; ang sangbahayan ni Togarma sa mga pinakahuling

bahagi ng hilagaan, at lahat niyang mga pulutong; maraming
bayan na kasama mo. **7** Humanda ka, oo, humanda ka,
ikaw, at ang lahat ng iyong mga pulutong na napisan ko
sa iyo, at maging bantay ka sa kanila. **8** Pagkatapos ng
maraming araw ay dadalawin ka: sa mga huling taon ay
papasok ka sa lupain na ibinalik na mula sa paghabol ng
tabak na napisan mula sa maraming bayan, sa mga bundok
ng Israel, na naging laging giba; nguni't nalabas sa mga
bayan, at sila'y magsisitahang tiwasay, silang lahat. **9** At
ikaw ay sasampa, ikaw ay darating na parang bagyo, ikaw
ay magiging parang ulap na tatakip sa lupain, ikaw, at ang
lahat mong mga pulutong, at ang maraming tao na kasama
mo. **10** Ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Mangyayari sa
araw na yaon, na mga bagay ay darating sa iyong pagiisip,
at ikaw ay magpapanukala ng masamang panukala: **11** At
iyong sasabihin, Ako'y sasampa sa lupaing may mga nayong
walang kuta; sasampahin ko sila na nasa katahimikan, na
nagsisitahang tiwasay, silang lahat na nagsisitahang walang
kuta, at wala kahit mga halang o mga pintuang-bayan man;
**12** Upang kumuha ng samsam, at upang kumuha ng huli;
upang ibalik ang iyong kamay laban sa mga gibang dako na
tinatahanan ngayon, at laban sa bayan na napisan mula
sa mga bansa, na nagtangkilik ng mga hayop at mga pag-
aari, na nagsisitahan sa gitna ng lupa. **13** Ang Seba, at ang
Dedan, at ang mga mangangalakal sa Tarsis, sangpu ng
lahat ng batang leon niyaon, ay magsasabi sa iyo, Naparito
ka baga upang kumuha ng samsam? pinisan mo baga ang
iyong pulutong upang kumuha ng samsam? upang magdala
ng pilak at ginto, upang magdala ng mga hayop at mga pag-
aari, upang kumuha ng malaking samsam? **14** Kaya't, anak
ng tao, ikaw ay manghula, at sabihin mo kay Gog, Ganito
ang sabi ng Panginoong Dios: Sa araw na ang aking bayang
Israel ay tatahang tiwasay, hindi mo baga malalaman? **15**
At ikaw ay darating na mula sa iyong dako, mula sa mga
kahulihulihang bahagi ng hilagaan, ikaw, at ang maraming
tao na kasama mo, silang lahat na nangakasakay sa mga
kabayo, malaking pulutong at makapangyarihang hukbo;
**16** At ikaw ay sasampa laban sa aking bayang Israel, na
parang ulap na tatakip sa lupain: mangyayari sa mga huling
araw, na dadalhin kita laban sa aking lupain, upang makilala
ako ng mga bansa, pagka ako'y aariing banal sa iyo, Oh
Gog, sa harap ng kanilang mga mata. **17** Ganito ang sabi
ng Panginoong Dios: Ikaw baga yaong aking sinalita nang
una sa pamamagitan ng aking mga lingkod na mga propeta
ng Israel, na nagsipanghula nang mga araw na yaon, ng
tungkol sa malaong panahon, na aking dadalhin ka laban sa
kanila? **18** At mangyayari sa araw na yaon, pagka si Gog
ay paroroon laban sa lupain ng Israel, sabi ng Panginoong
Dios, na ang aking kapusukan ay sasampa sa aking mga
butas ng ilong. **19** Sapagka't sa aking paninibugho at sa
sigalbo ng aking poot ay nagsalita ako, Tunay na sa araw na
yaon ay magkakaroon ng malaking panginginig sa lupain ng
Israel; **20** Na anopa't ang mga isda sa dagat, at ang mga
ibon sa himpapawid, at ang mga hayop sa parang, at lahat
na nagsisiusad na bagay na nagsisiusad sa ibabaw ng lupa,
at lahat ng tao na nangasa ibabaw ng lupa, magsisipanginig
sa aking harapan, at ang mga bundok ay mangaguguho at
ang mga matarik na dako ay mangababaaba, at bawa't kuta
ay mangababagsak sa lupa. **21** At aking tatawagin sa lahat
ng aking mga bundok ang tabak laban sa kaniya, sabi ng
Panginoong Dios: ang tabak ng bawa't lalake ay magiging
laban sa kaniyang kapatid. **22** At ako'y makikipaglaban sa
kaniya sa pamamagitan ng salot at ng dugo; at pauulanan
ko siya, at ang kaniyang mga pulutong, at ang maraming
bayan na kasama niya, ng napakalakas na ulan, at ng
mga malaking granizo, ng apoy, at ng azufre. **23** At ako'y
pakikitang dakila at banal, at ako'y pakikilala sa harap ng
mga mata ng maraming bansa; at kanilang malalaman na
ako ang Panginoon.

**39** At ikaw, anak ng tao, manghula ka laban kay Gog,
at iyong sabihin, Ganito ang sabi ng Panginoong Dios:
Narito, ako'y laban sa iyo, Oh Gog, na prinsipe sa Ros, sa
Mesech, at sa Tubal: **2** At aking ipipihit ka sa palibot, at
ihahatid kita, at pasasampahin kita mula sa mga pinakahuling
bahagi ng hilagaan; at aking dadalhin ka sa mga bundok ng
Israel; **3** At aking sisirain ang iyong busog sa iyong kaliwa,
at aking ihuhulog ang iyong pana sa iyong kanan. **4** Ikaw ay
mabubuwal sa mga bundok ng Israel, ikaw, at ang lahat
mong mga pulutong, at ang mga bayan na kasama mo:
aking ibibigay ka sa mga mangdadagit na ibong sarisari,
at sa mga hayop sa parang upang lamunin ka. **5** Ikaw ay
mabubuwal sa luwal na parang: sapagka't aking sinalita,
sabi ng Panginoong Dios. **6** At ako'y magpapasapit ng apoy
sa Magog, at sa kanilang nagsisitahang tiwasay sa mga
pulo; at kanilang malalaman na ako ang Panginoon. **7** At
ang aking banal na pangalan ay ipakikilala ko sa gitna ng
aking bayang Israel; at hindi ko man titiising malapastangan
pa ang aking banal na pangalan: at malalaman ng mga
bansa na ako ang Panginoon, ang banal sa Israel. **8** Narito,
dumarating, at mangyayari, sabi ng Panginoong Dios; ito
ang araw na aking sinalita. **9** At silang nagsisitahan sa mga
bayan ng Israel ay magsisilabas, at sisilaban ng mga apoy
ang mga almas, at susunugin ang mga kalasag at gayon
din ang mga longki, ang mga busog at ang mga pana, at
ang mga tungkod, at ang mga sibat, at mga sisilaban nilang
pitong taon; **10** Na anopa't sila'y hindi magsisikuha ng kahoy
sa parang, o magsisiputol man ng anoman sa mga gubat;
sapagka't kanilang sisilaban ang mga almas; at kanilang

sasamsaman yaong nagsisamsam sa kanila, at nanakawan
yaong nangagnakaw sa kanila, sabi ng Panginoong Dios. 11
At mangyayari sa araw na yaon, na ako'y magbibigay kay
Gog ng dakong pinakalibangan sa Israel, ang libis nila na
nagsisidaang patungo sa silanganan ng dagat: at paglilikatan
nilang daanan; at doon nila ililibing si Gog at ang buo niyang
karamihan; at kanilang tatawagin ito: Ang libis ng Hamon-
gog. 12 At pitong buwan na mangaglilibing ang sangbahayan
ni Israel, upang kanilang linisin ang lupain. 13 Oo, sila'y
mangaglilibing ng buong bayan ng lupain; at magiging sa
kanila'y kabantugan, sa araw na ako'y luluwalhati, sabi
ng Panginoong Dios. 14 At sila'y mangaghahalal ng mga
lalaking magkakatungkulang palagi, na mangagdaraan sa
lupain at, kasama nilang nangagdaraan, silang nangaglilibing
ng nalabi sa ibabaw ng lupain, upang linisin: pagkatapos
ng pitong buwan ay mangagsisihanap sila. 15 At silang
nangagdaraan sa lupain ay mangagdaraan; at pagka ang
sinoman ay nakakita ng buto ng tao, lalagyan nga niya ng
tanda, hanggang sa mailibing ng mga manglilibing sa libis
ng Hamon-gog. 16 At Hamonah ang magiging pangalan ng
bayan. Ganito nila lilinisin ang lupain. 17 At ikaw, anak ng tao,
ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Salitain mo sa sarisaring
ibon, at sa lahat na hayop sa parang, Magpupulong kayo, at
kayo'y magsiparito; magpipisan kayo sa lahat ng dako sa
aking hain na aking inihahain sa inyo, sa malaking hain sa
ibabaw ng mga bundok ng Israel, upang kayo'y mangakakain
ng laman at mangakainom ng dugo. 18 Kayo'y magsisikain
ng laman ng makapangyarihan, at magsisiinom ng dugo ng
mga prinsipe sa lupa, ng mga lalaking tupa, ng mga batang
tupa, at ng mga kambing, ng mga toro, na pawang patabain
sa Basan. 19 At kayo'y magsisikain ng taba hanggang sa
kayo'y mangabusog, at magsisiinom ng dugo hanggang
sa kayo'y mangalango, sa aking hain na aking inihain sa
inyo. 20 At kayo'y mangabubusog sa aking dulang ng mga
kabayo at mga karo, ng mga makapangyarihang lalake, at
ng lahat na lalaking mangdidigma, sabi ng Panginoong Dios.
21 At aking pararatingin ang aking kaluwalhatian sa mga
bansa; at makikita ng lahat ng bansa ang aking kahatulan
na aking inilapat, at ang aking kamay na aking binuhat
sa kanila. 22 Sa gayo'y malalaman ng sangbahayan ni
Israel na ako ang Panginoon na kanilang Dios, mula sa
araw na yaon hanggang sa haharapin. 23 At malalaman ng
mga bansa na ang sangbahayan ni Israel ay pumasok sa
pagkabihag dahil sa kanilang kasamaan; sapagka't sila'y
nagsisalangsang laban sa akin, at ikinubli ko ang aking
mukha sa kanila: sa gayo'y ibinigay ko sila sa kamay ng
kanilang mga kaaway, at silang lahat ay nangabuwal sa
pamamagitan ng tabak. 24 Ayon sa kanilang karumihan
at ayon sa kanilang mga pagsalangsang ay gumawa ako
sa kanila; at ikinubli ko ang aking mukha sa kanila. 25
Kaya't ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Ngayo'y aking
ibabalik ang Jacob na mula sa pagkabihag, at maaawa
ako sa buong sangbahayan ni Israel; at ako'y magiging
mapanibughuin dahil sa aking banal na pangalan. 26 At sila'y
mangagtataglay ng kanilang kahihiyan, at ng kanilang lahat
na pagsalangsang na kanilang isinalangsang laban sa akin,
pagka sila'y magsisitahang tiwasay sa kanilang lupain, at
walang tatakot sa kanila; 27 Pagka sila'y aking nadala uli na
mula sa mga bayan, at nangapisan na mula sa mga lupain
ng kanilang mga kaaway, at ako'y inaaring banal sa kanila
sa paningin ng maraming bansa. 28 At kanilang malalaman
na ako ang Panginoon nilang Dios, sa pagpapapasok ko
sa kanila sa pagkabihag sa gitna ng mga bansa, at sa
pagpipisan ko sa kanila sa kanilang sariling lupain; at hindi
ako magiiwan sa kanila ng sino pa man doon; 29 Ni hindi ko
na naman ikukubli pa ang aking mukha sa kanila; sapagka't
binuhusan ko ng aking Espiritu ang sangbahayan ni Israel,
sabi ng Panginoong Dios.

**40** Nang ikadalawang pu't limang taon ng aming
pagkabihag, nang pasimula ng taon, nang ikasangpung
araw ng buwan, nang ikalabing apat na taon pagkatapos
na ang bayan ay masaktan nang kaarawang yaon, ang
kamay ng Panginoon ay sumaakin, at dinala niya ako roon.
2 Sa mga pangitain na mula sa Dios ay dinala niya ako
sa lupain ng Israel, at inilagay ako sa totoong mataas na
bundok, na kinaroroonan ng parang isang bayan sa timugan.
3 At dinala niya ako roon; at, narito, may isang lalake na
ang anyo ay parang anyo ng tanso, na may pising lino
sa kaniyang kamay, at isang panukat na tambo; at siya'y
natayo sa pintuang-bayan. 4 At sinabi ng lalake sa akin,
Anak ng tao, tumingin ka ng iyong mga mata, at makinig ka
ng iyong mga pakinig, at ilagak mo ang iyong puso sa lahat
na aking ipakikita sa iyo; sapagka't sa haka na aking mga
maipakikita sa iyo ay dinala ka rito: ipahayag mo ang lahat
na iyong nakikita sa sangbahayan ni Israel. 5 At, narito;
isang kuta sa dakong labas ng bahay sa palibot, at sa kamay
ng lalake ay isang panukat na tambo na may anim na siko
ang haba, na tigisang siko at isang dangkal ang luwang
ng bawa't isa: sa gayo'y kaniyang sinukat ang luwang ng
bahay, na isang tambo; at ang taas, isang tambo. 6 Nang
magkagayo'y naparoon siya sa pintuang-daan, na nakaharap
sa dakong silanganan, at sumampa sa mga baytang niyaon:
at kaniyang sinukat ang pasukan sa pintuang-daan, isang
tambo ang luwang; at ang kabilang pasukan, isang tambo
ang luwang. 7 At bawa't silid ng bahay ay isang tambo ang
haba, at isang tambo ang luwang; at ang pagitan ng mga
silid ng bantay ay limang siko; at ang pasukan sa pintuang-
daan sa tabi ng portiko sa pintuang-daan sa dako ng bahay

ay isang tambo. 8 Kaniya rin namang sinukat ang portiko
sa pintuang-daan sa dakong bahay, isang tambo. 9 Nang
magkagayo'y sinukat niya ang portiko sa pintuang-daan,
walong siko; at ang mga haligi niyaon, dalawang siko; at ang
portiko sa pintuang-daan ay nasa dako ng bahay. 10 At ang
mga silid ng bantay ng pintuang-daan sa dakong silanganan
ay tatlo sa dakong ito, at tatlo sa dakong yaon; ang tatlo ay
iisang sukat: at ang mga haligi ng pintuan ay iisang sukat
sa dakong ito, at sa dakong yaon. 11 At kaniyang sinukat
ang luwang ng pasukan ng pintuang-daan, sangpung siko;
at ang haba ng pintuang-daan, labing tatlong siko; 12 At
ang pagitan sa harap ng mga silid ng bantay, isang siko sa
dakong ito, at ang isang pagitan, isang siko sa dakong yaon;
at ang mga silid ng bantay, anim na siko sa dakong ito, at
anim na siko sa dakong yaon; 13 At kaniyang sinukat ang
pintuang-daan mula sa bubungan ng isang silid ng bantayan
hanggang sa bubungan ng kabila, may luwang na dalawang
pu't limang siko; pintuan sa tapat ng pintuan. 14 Gumawa
naman siya ng mga haligi ng pintuan, na anim na pung siko;
at ang looban ay hanggang sa haligi, ang pintuang-daan
ay sa palibot. 15 At mula sa harap ng pintuang-daan sa
pasukan hanggang sa harap ng pinakaloob na portiko sa
pintuang-daan ay limang pung siko. 16 At may makikipot na
dungawan sa mga silid ng bantay, at sa mga haligi ng mga
yaon sa loob ng pintuang-daan sa palibot, at gayon din sa
mga hubog; at ang mga dungawan ay nangasa palibot sa
dakong loob; at sa bawa't haligi ay may mga puno ng palma.
17 Nang magkagayo'y dinala niya ako sa loob ng looban sa
labas; at, narito, may mga silid at may isang lapag na ginawa
sa palibot ng looban: tatlong pung silid ang nasa lapag. 18 At
ang lapag ay nasa tabi ng mga pintuang-daan, ayon sa haba
ng mga pintuang-daan, sa makatuwid baga'y ang lalong
mababang lapag. 19 Nang magkagayo'y kaniyang sinukat
ang luwang mula sa harap ng lalong mababang pintuang-
daan hanggang sa harap ng pinakaloob na looban sa may
labas, na isang daang siko, sa dakong silanganan at gayon
din sa dakong hilagaan. 20 At ang pintuang-daan ng looban
sa labas na nakaharap sa dakong hilagaan, kaniyang sinukat
ang haba niyaon at ang luwang niyaon. 21 At ang mga silid
ng bantay niyaon ay tatlo sa dakong ito at tatlo sa dakong
yaon; at ang mga haligi niyaon at ang mga hubog niyaon ay
ayon sa sukat ng unang pintuang-daan: ang haba niyaon ay
limang pung siko, at ang luwang ay dalawang pu't limang
siko. 22 At ang mga dungawan niyaon, at ang mga hubog
niyaon, at ang mga puno ng palma niyaon ay ayon sa sukat
ng pintuang-daan na nakaharap sa dakong silanganan; at
kanilang sinampa ng pitong baytang; at ang mga hubog
niyaon ay nangasa harap nila. 23 At may pintuang-daan sa
lalong loob na looban sa tapat ng kabilang pintuang-daan,
sa dakong hilagaan at gayon din sa dakong silanganan;
at kaniyang sinukat mula sa pintuang-daan hanggang sa
pintuang-daan na isang daang siko. 24 At dinala niya ako
sa dakong timugan; at, narito, ang isang pintuang-daan sa
dakong timugan: at kaniyang sinukat ang mga haligi niyaon,
at ang mga hubog niyaon ayon sa mga sukat na ito. 25
At may mga dungawan doon at sa mga hubog niyaon sa
palibot, gaya ng mga dungawang yaon: ang haba ay limang
pung siko, at ang luwang ay dalawang pu't limang siko. 26
At may pitong baytang na sampahan, at ang mga hubog
niyaon ay nangasa harap ng mga yaon; at may mga puno ng
palma; sa dakong ito, at isa sa dakong yaon, sa mga haligi
niyaon. 27 At may pintuang-daan sa lalong loob na looban
sa dakong timugan: at kaniyang sinukat mula sa pintuang-
daan hanggang sa pintuang-daan sa dakong timugan na
isang daang siko. 28 Nang magkagayo'y dinala niya ako sa
lalong loob na looban sa tabi ng pintuang-daan sa timugan:
at kaniyang sinukat ang pintuang-daang timugan ayon sa
mga sukat ding ito; 29 At ang mga silid ng bantay niyaon, at
ang mga hubog niyaon, ay ayon sa mga sukat na ito: at may
mga dungawan yaon, at gayon din sa mga hubog niyaon sa
palibot; may limang pung siko ang haba, at dalawang pu't
limang siko ang luwang. 30 At may mga hubog sa palibot,
na dalawang pu't limang siko ang haba, at limang siko ang
luwang. 31 At ang mga hubog niyaon ay nangasa dako ng
looban sa labas; at mga puno ng palma ang nangasa mga
haligi niyaon: at ang sampahan ay may walong baytang.
32 At dinala niya ako sa lalong loob na looban sa dakong
silanganan; at sinukat niya ang pintuang-daan ayon sa mga
sukat na ito. 33 At ang mga silid ng bantay niyaon, at ang
mga haligi niyaon, at ang mga hubog niyaon, ayon sa mga
sukat na ito: at may mga dungawan sa loob at sa mga
hubog niyaon sa palibot: may limang pung siko ang haba, at
dalawang pu't limang siko ang luwang. 34 At ang mga hubog
niyaon ay nangasa dako ng looban sa labas; at mga puno
ng palma ang nangasa mga haligi niyaon, sa dakong ito, at
sa dakong yaon: at ang sampahan ay may walong baytang.
35 At dinala niya ako sa pintuang-daang hilagaan: at sinukat
niya ayon sa mga sukat na ito; 36 Ang mga silid ng bantay
niyaon, ang mga haligi niyaon, at ang mga hubog niyaon: at
may mga dungawan sa loob sa palibot; ang haba ay limang
pung siko, at ang luwang ay dalawang pu't limang siko. 37
At ang mga haligi niyaon ay nangasa dako ng looban sa
labas; at mga puno ng palma ang nangasa haligi niyaon,
sa dakong ito, at sa dakong yaon: at ang sampahan ay
may walong baytang. 38 At isang silid na may pintuan ay
nasa tabi ng mga haligi sa mga pintuang-daan; doon sila
naghuhugas ng handog na susunugin. 39 At sa portiko ng
pintuang-daan ay may dalawang dulang sa dakong ito, at

dalawang dulang sa dakong yaon, upang patayin doon ang
handog na susunugin, at ang handog dahil sa kasalanan at
ang handog dahil sa pagkakasala. **40** At sa isang dako sa
labas na gaya ng kung sasampa sa pasukan ng pintuang-
daan sa dakong hilagaan ay may dalawang dulang; at sa
kabilang dako, na ukol sa portiko ng pintuang-daan, ay may
dalawang dulang. **41** Apat na dulang sa dakong ito, at apat
na dulang sa dakong yaon sa tabi ng pintuang-daan; walong
dulang ang kanilang pinagpatayan ng mga hain. **42** At may
apat na dulang na ukol sa handog na susunugin, na batong
tinabas, na isang siko at kalahati ang haba, at isang siko at
kalahati ang luwang, at isang siko ang taas; na kanilang
pinaglapagan ng mga kasangkapan na kanilang ipinagpatay
sa handog na susunugin at sa hain. **43** At ang mga pangipit
na may isang lapad ng kamay ang haba, ay natitibayan sa
loob sa palibot; at nasa ibabaw ng mga dulang ang laman
na alay. **44** At sa labas ng lalong loob na pintuang-daan ay
may mga silid na ukol sa mga mangaawit sa lalong loob
na looban, na nasa tabi ng pintuang-daang hilagaan; at
mga nakaharap sa timugan; isa sa dako ng silanganang
daan na nahaharap sa dakong hilagaan. **45** At kaniyang
sinabi sa akin, Ang silid na ito na nakaharap sa dakong
timugan, ay sa mga saserdote, sa mga namamahala sa
bahay; **46** At ang silid na nakaharap sa dakong hilagaan ay
sa mga saserdote, na mga namamahala sa dambana: ang
mga ito ay mga anak ni Sadoc, na sa mga anak ni Levi ay
nagsilapit sa Panginoon upang magsipangasiwa sa kaniya.
**47** At sinukat niya ang looban na isang daang siko ang haba,
at isang daang siko ang luwang, parisukat; at ang dambana
ay nasa harap ng bahay. **48** Nang magkagayo'y dinala niya
ako sa portiko ng bahay, at sinukat niya ang bawa't haligi
ng portiko na limang siko sa dakong ito, at limang siko sa
dakong yaon: at ang luwang ng pintuang-daan ay tatlong
siko sa dakong ito, at tatlong siko sa dakong yaon. **49** Ang
haba ng portiko ay dalawang pung siko, at ang luwang ay
labing isang siko: kahit sa pamamagitan ng mga baytang na
kanilang sinampahan: at may mga haligi, isa sa dakong ito,
at isa sa dakong yaon.

**41** At dinala niya ako sa templo at sinukat ang mga haligi,
na anim na siko ang luwang sa isang dako, at anim na
siko ang luwang sa kabilang dako, na siyang luwang ng
tabernakulo. **2** At ang luwang ng pasukan ay sangpung siko;
at ang mga tagiliran ng pasukan ay limang siko sa isang
dako, at limang siko sa kabilang dako: at sinukat niya ang
haba niyaon na apat na pung siko, at ang luwang, dalawang
pung siko. **3** Nang magkagayo'y pumasok siya sa loob, at
sinukat ang bawa't haligi sa pasukan, na dalawang siko; at
ang pasukan ay anim na siko; at ang luwang ng pasukan,
pitong siko. **4** At sinukat niya ang haba niyaon, dalawang
pung siko, at ang luwang, dalawang pung siko, sa harap
ng templo: at sinabi niya sa akin, Ito ang kabanalbanalang
dako. **5** Nang magkagayo'y sinukat niya ang pader ng bahay,
anim na siko; at ang luwang ng bawa't tagilirang silid apat
na siko, sa palibot ng bahay sa lahat ng dako. **6** At ang mga
tagilirang silid ay tatlong grado, patongpatong at tatlong pu
sa ayos; at nangakakapit sa pader na nauukol sa bahay na
nasa tagilirang silid sa palibot upang mangakapit doon, at
huwag makapit sa pader ng bahay. **7** At ang mga tagilirang
silid ay lalong maluwang habang lumiligid sa bahay na
paitaas ng paitaas; sapagka't ang gilid ng bahay ay paitaas
ng paitaas sa palibot ng bahay: kaya't ang luwang ng bahay
ay patuloy na paitaas; at sa gayo'y ang isa ay napaiitaas
mula sa pinakamababang silid, hanggang sa pinakamataas
sa pamamagitan ng gitna na silid. **8** Aking nakita naman na
ang bahay ay may nakatayong tungtungan sa palibot: ang
mga patibayan ng mga tagilirang silid ay buong tambo na
anim na malaking siko ang haba. **9** Ang kapal ng pader,
na nasa mga tagilirang silid, sa dakong labas, ay limang
siko: at ang naiwan ay dako ng mga tagilirang silid na ukol
sa bahay. **10** At ang pagitan ng mga silid ay may luwang
na dalawang pung siko sa palibot ng bahay sa lahat ng
dako. **11** At ang mga pintuan ng mga tagilirang silid ay
sa dakong naiwan, isang pintuan sa dakong hilagaan, at
isang pintuan sa dakong timugan: at ang luwang ng dakong
naiwan ay limang siko sa palibot. **12** At ang bahay na nasa
harapan ng bukod na dako sa tagilirang dakong kalunuran
ay pitong pung siko ang luwang; at ang pader ng bahay ay
limang siko ang kapal sa palibot, at ang haba niyaon ay
siyam na pung siko. **13** Sa gayo'y sinukat niya ang bahay,
na isang daang siko ang haba; at ang bukod na dako, at
ang bahay, sangpu ng pader niyaon, isang daang siko ang
haba; **14** Ang luwang naman ng harapan ng bahay, at ng
bukod na dako sa dakong silanganan, isang daang siko.
**15** At sinukat niya ang haba ng bahay sa harap ng bukod
na dako na nasa likuran niyaon, at ang mga galeria niyaon
sa isang dako, at sa kabilang dako, isang daang siko; at
ang lalong loob na templo at ang mga portiko ng looban; **16**
Ang mga pasukan, at ang mga nasasarang dungawan, at
ang mga galeria sa palibot sa tatlong grado, sa tapat ng
pasukan, nakikisamihan ng tabla sa palibot, at mula sa lapag
hanggang sa mga dungawan (natatakpan nga ang mga
dungawan), **17** Sa pagitan ng itaas ng pintuan, sa lalong
loob ng bahay, at sa labas, at ang buong pader sa palibot sa
loob at sa labas ay sinukat. **18** At ang pader ay niyaring may
mga kerubin at may mga puno ng palma; at isang puno
ng palma ay sa pagitan ng kerubin at kerubin, at bawa't
kerubin ay may dalawang mukha; **19** Na anopa't may mukha
ng isang tao sa dako ng puno ng palma sa isang dako,

at mukha ng batang leon sa dako ng puno ng palma sa
kabilang dako. Ganito ang pagkayari sa buong bahay sa
palibot: **20** Mula sa lapag hanggang sa itaas ng pintuan ay
may mga kerubin at mga puno ng palma na yari; ganito ang
pader ng templo. **21** Tungkol sa templo, ang mga haligi ng
pintuan ay parisukat; at tungkol sa harapan ng santuario,
ang anyo niyao'y gaya ng anyo ng templo. **22** Ang dambana
ay kahoy, na tatlong siko ang taas, at ang haba niyao'y
dalawang siko; at ang mga sulok niyaon at ang haba niyaon,
at ang mga pader niyaon, ay kahoy: at sinabi niya sa akin, Ito
ang dulang na nasa harap ng Panginoon. **23** At ang templo,
at ang santuario ay may dalawang pintuan. **24** At ang mga
pintuan ay may tigdadalawang pinto, dalawang tiklop na
pinto, dalawang pinto sa isang pintuan, at dalawang pinto
sa kabila. **25** At mga niyari sa mga yaon, sa mga pintuan
ng templo, mga kerubin at mga puno ng palma, gaya ng
niyari sa mga pader; at may pasukan na kahoy sa harap ng
portiko sa labas. **26** At may nangasasarang dungawan at
mga puno ng palma sa isang dako at sa kabilang dako, sa
mga tagiliran ng portiko: ganito ang mga tagilirang silid ng
bahay, at ang mga pasukan.

**42** Nang magkagayo'y dinala niya ako sa looban sa labas
ng bahay, sa daan na dakong hilagaan: at dinala niya
ako sa silid na nasa tapat ng bukod na dako, at siyang
nasa tapat ng bahay sa dakong hilagaan. **2** Sa harapan
ng isang daang siko ang haba, ay nandoon ang pintuang
hilagaan, at ang luwang ay limang pung siko. **3** Sa tapat ng
dalawang pung siko na ukol sa lalong loob na looban, at sa
tapat ng lapag na ukol sa looban sa labas ng bahay, ay
galeria sa tapat ng galeria na tatlong grado. **4** At sa harap
ng mga silid ay may isang lakaran na sangpung siko ang
luwang sa loob, isang daanang may isang siko; at ang mga
pintuan ay sa dakong hilagaan. **5** Ang lalong mataas ngang
silid ay siyang lalong maikli; sapagka't ang mga galeria ay
kumukuha sa mga ito, ng higit kay sa lalong mababa at sa
pinaka gitna sa bahay. **6** Sapagka't tatlong grado, at walang
mga haligi na gaya ng mga haligi ng mga looban: kaya't
ang pinakamataas ay lalong munti kay sa pinakamababa
at kay sa pinaka gitna mula sa lupa. **7** At ang pader na
nasa labas sa tabi ng mga silid, sa dako ng looban sa labas
ng bahay sa harap ng mga silid, ang haba niyao'y limang
pung siko. **8** Sapagka't ang haba ng mga silid na nasa
looban sa labas ay limang pung siko: at, narito, ang harapan
ng templo ay may isang daang siko. **9** At nasa ilalim ng
mga silid na ito ang pasukan sa dakong silanganan, sa
pagpasok na mula sa looban sa labas. **10** Sa kakapalan
ng pader ng looban sa dakong silanganan, sa harap ng
bukod na dako, at sa harap ng bahay, may mga silid. **11**
At ang daan sa harap ng mga yaon ay gaya ng anyo ng
daan sa mga silid na nangasa dakong hilagaan; ayon sa
haba ay gayon ang luwang: ang lahat ng labasan ng mga
yaon ay ayon sa mga anyo ng mga yaon, at ayon sa mga
pintuan ng mga yaon. **12** At ayon sa mga pintuan ng mga
silid na nangasa dakong timugan ay may isang pintuan sa
bukana ng daan, sa daang tuwid na patuloy sa pader sa
dakong silanganan, sa papasok sa mga yaon. **13** Nang
magkagayo'y sinabi niya sa akin, Ang silid na hilagaan at
ang silid na timugan na nasa harap ng bukod na dako, mga
itinalagang silid, na pagkakanan ng mga kabanalbanalang
bagay ng mga saserdote na malapit sa Panginoon: doon nila
ilalapag ang mga kabanalbanalang bagay, at ang handog na
harina, at ang handog dahil sa kasalanan, at ang handog
dahil sa pagkakasala; sapagka't ang dako ay banal. **14**
Pagka ang mga saserdote ay nagsisipasok, hindi nga sila
magsisilabas sa banal na dako na papasok sa looban sa
labas, kundi doon nila ilalapag ang kanilang mga kasuutan
na kanilang ipinangangasiwa; sapagka't mga banal: at sila'y
mangagsusuot ng mga ibang kasuutan, at magsisilapit sa
ukol sa bayan. **15** Nang matapos nga niyang masukat ang
lalong loob ng bahay, inilabas niya ako sa daan ng pintuang-
daan na nakaharap sa dakong silanganan, at sinukat sa
palibot. **16** Sinukat niya sa dakong silanganan ng panukat
na tambo, na limang daang tambo, ng panukat na tambo
sa palibot. **17** Sinukat niya sa dakong hilagaan, na limang
daang tambo ng panukat na tambo sa palibot. **18** Sinukat
niya sa dakong timugan, na limang daang tambo ng panukat
na tambo. **19** Siya'y pumihit sa dakong kalunuran, at sinukat
ng limang daang tambo ng panukat na tambo. **20** Sinukat
niya sa apat na sulok: may pader sa palibot, ang haba'y
limang daan, at ang luwang ay limang daan, upang igawa
ng pagkakahiwalay ang banal at ang karaniwan.

**43** Pagkatapos ay dinala niya ako sa pintuang-daan, sa
makatuwid baga'y sa pintuang-daan na nakaharap
sa dakong silanganan. **2** At, narito, ang kaluwalhatian ng
Dios ng Israel ay nanggagaling sa dakong silanganan: at
ang kaniyang tinig ay gaya ng lagaslas ng maraming tubig;
at ang lupa ay nagningning sa kaniyang kaluwalhatian. **3**
At ayon sa anyo ng pangitain na aking nakita, ayon sa
pangitain na nakita ko nang ako'y pumaroon upang gibain
ang bayan; at ang mga pangitain ay gaya ng pangitain na
aking nakita sa tabi ng ilog Chebar: at ako'y nasubasob. **4** At
ang kaluwalhatian ng Panginoon ay pumasok sa bahay sa
daan ng pintuang-daan na nakaharap sa dakong silanganan.
**5** At itinaas ako ng Espiritu, at dinala ako sa lalong loob na
looban; at, narito, napuno ng kaluwalhatian ng Panginoon
ang bahay. **6** At aking narinig ang isang nagsasalita sa akin
mula sa bahay; at isang lalake ay tumayo sa siping ko. **7**
At sinabi niya sa akin, Anak ng tao, ito ang dako ng aking

luklukan, at dako ng mga talampakan ng aking mga paa, na
aking tatahanan sa gitna ng mga anak ni Israel magpakailan
man. At hindi na lalapastanganin pa ng sangbahayan ni
Israel ang aking banal na pangalan, nila man, o ng kanilang
mga hari man, ng kanilang pagpapatutot, at ng mga bangkay
man ng kanilang mga hari sa kanilang mga mataas na dako;
**8** Sa kanilang paglalagay ng kanilang pasukan sa tabi ng
aking pasukan, at ng kanilang haligi ng pintuan sa tabi ng
aking haligi ng pintuan, at wala kundi pader sa pagitan ko at
nila; at kanilang nilapastangan ang aking banal na pangalan
sa pamamagitan ng kanilang mga kasuklamsuklam na
kanilang ginawa: kaya't aking pinugnaw sila sa aking galit. **9**
Iwan nga nila ang kanilang pagpapatutot, at ilayo sa akin ang
mga bangkay ng kanilang mga hari, at ako'y tatahan sa gitna
nila magpakailan man. **10** Ikaw, anak ng tao, ituro mo ang
bahay sa sangbahayan ni Israel, upang sila'y mangapahiya
sa kanilang mga kasamaan; at sukatin nila ang anyo. **11** At
kung sila'y mangapahiya sa lahat nilang ginawa, ipakilala
mo sa kanila ang anyo ng bahay, at ang pagka-anyo niyaon,
at ang mga labasan niyaon, at ang mga pasukan niyaon, at
lahat ng anyo niyaon, at ang lahat ng mga alituntunin niyaon,
at lahat ng anyo niyaon, at lahat ng kautusan niyaon; at iyong
isulat yaon sa kanilang paningin; upang kanilang maingatan
ang buong anyo niyaon, at ang lahat ng mga alituntunin
niyaon, at kanilang isagawa. **12** Ito ang kautusan tungkol
sa bahay; ang taluktok ng bundok sa buong hangganan
niyaon sa palibot ay magiging kabanalbanalan. Narito, ito
ang kautusan tungkol sa bahay. **13** At ito ang mga sukat
ng dambana ayon sa mga siko (ang siko na pinakasukat
ay isang siko at isang lapad ng kamay): ang patungan
ay isang siko, at ang luwang ay isang siko, at ang gilid
niyaon sa palibot ay isang dangkal; at ito ang magiging
patungan ng dambana. **14** At mula sa patungan sa lupa sa
lalong mababang grado ay malalagay na dalawang siko,
at ang luwang ay isang siko; at mula sa lalong mababang
grado hanggang sa lalong mataas na grado ay malalagay
na apat na siko, at ang luwang ay isang siko. **15** At ang
lalong mataas na dambana ay magiging apat na siko; at
mula sa apuyan ng dambana hanggang sa dakong itaas
ay magkakaroon ng apat na sungay. **16** At ang apuyan ng
dambana ay magkakaroon ng labing dalawang siko ang
haba at labing dalawa ang luwang, parisukat sa apat na
tagiliran niyaon. **17** At ang patungan niyaon ay magkakaroon
ng labing apat na siko ang haba at labing apat na siko ang
luwang sa apat na tagiliran niyaon; at ang gilid sa palibot
ay magiging kalahating siko; at ang patungan niyaon ay
magiging isang siko sa palibot; at ang mga baytang niyaon
ay paharap sa dakong silanganan. **18** At sinabi niya sa
akin, Anak ng tao, ganito ang sabi ng Panginoong Dios:
Ito ang mga alituntunin tungkol sa dambana sa kaarawan
na kanilang gagawin, upang paghandugan sa ibabaw ng
mga handog na susunugin, at upang pagwisikan ng dugo.
**19** Iyong ibibigay sa mga saserdote na mga Levita na sa
angkan ni Sadoc na malapit sa akin, upang magsipangasiwa
sa akin, sabi ng Panginoong Dios, ang isang guyang baka
na pinakahandog dahil sa kasalanan. **20** At kukuha ka ng
dugo niyaon, at ilalagay mo sa apat na sungay niyaon, at
sa apat na sulok ng patungan, at sa laylayan sa palibot:
ganito mo lilinisin yaon at tutubusin ito. **21** Iyo rin namang
kukunin ang guyang toro na handog dahil sa kasalanan,
at susunugin mo sa takdang dako ng bahay, sa labas ng
santuario. **22** At sa ikalawang araw ay maghahandog ka ng
kambing na lalake na walang kapintasan na pinakahandog
dahil sa kasalanan; at kanilang lilinisin ang dambana gaya
ng kanilang pagkalilis sa pamamagitan ng guyang toro. **23**
Pagka ikaw ay nakatapos ng paglilinis, maghahandog ka ng
isang guyang toro na walang kapintasan, at isang lalaking
tupa na mula sa kawan na walang kapintasan. **24** At iyong
ilalapit ang mga yaon sa harap ng Panginoon, at hahagisan
ng asin ang mga yaon ng mga saserdote, at kanilang
ihahandog na pinakahandog na susunugin sa Panginoon. **25**
Pitong araw na maghahanda ka sa bawa't araw ng isang
kambing na pinakahandog dahil sa kasalanan: maghahanda
rin sila ng guyang toro, at isang lalaking tupang mula sa
kawan, na walang kapintasan. **26** Pitong araw na kanilang
tutubusin ang dambana at lilinisin; gayon nila itatalaga. **27** At
pagka kanilang naganap ang mga kaarawan, mangyayari
na sa ikawalong araw, at sa haharapin, maghahandog ang
mga saserdote ng inyong mga handog na susunugin sa
ibabaw ng dambana, at ang inyong mga handog tungkol sa
kapayapaan; at aking tatanggapin kayo, sabi ng Panginoong
Dios.

**44** Nang magkagayo'y ibinalik niya ako sa daan ng
pintuan sa labas ng santuario, na nakaharap sa dakong
silanganan; at ito'y nasara. **2** At sinabi ng Panginoon sa
akin, Ang pintuang-daang ito ay sasarhan, hindi bubuksan,
o papasukan man ng sinoman, sapagka't pinasukan ng
Panginoon, ng Dios ng Israel; kaya't ito'y masasara. **3**
Tungkol sa prinsipe, siya'y mauupo roon na pinaka prinsipe
upang kumain ng tinapay sa harap ng Panginoon; siya'y
papasok sa daan ng portiko ng pintuang-daan, at lalabas
sa daan ding yaon. **4** Nang magkagayo'y dinala niya ako
sa daan ng pintuang-daang hilagaan sa harap ng bahay:
at ako'y tumingin, at, narito, napuno ng kaluwalhatian
ng Panginoon ang bahay ng Panginoon: at nasubasob
ako. **5** At ang Panginoon ay nagsabi sa akin, Anak ng
tao, tandaan mong mabuti, at masdan mo ng iyong mga
mata, at pakinggan mo ng iyong mga pakinig ang lahat

na aking sinasabi sa iyo tungkol sa lahat ng alituntunin
hinggil sa bahay ng Panginoon, at tungkol sa lahat ng
kautusan doon; at tandaan mong mabuti ang pasukan ng
bahay sangpu ng bawa't labasan sa santuario. **6** At iyong
sasabihin sa mapanghimagsik, sa makatuwid baga'y sa
sangbahayan ni Israel, Ganito ang sabi ng Panginoong Dios:
Oh kayong sangbahayan ni Israel, mangaglikat na kayo sa
lahat ninyong kasuklamsuklam, **7** Sa inyong pagpapasok ng
mga taga ibang lupa na hindi tuli sa puso at hindi tuli sa
laman, upang malagay sa aking santuario, na lapastanganin
yaon, sa makatuwid baga'y ang aking bahay, pagka inyong
inihahandog ang aking tinapay, ang taba at ang dugo,
at sinira nila ang aking tipan, upang idagdag sa lahat
ninyong mga kasuklamsuklam. **8** At hindi ninyo iningatan
ang katungkulan sa aking mga banal na bagay; kundi kayo'y
nangaglagay ng mga tagapangasiwa sa aking santuario sa
ganang inyong sarili. **9** Ganito ang sabi ng Panginoong Dios,
Walang taga ibang lupa, na hindi tuli sa puso at hindi tuli sa
laman na papasok sa aking santuario, kahit sinomang taga
ibang lupa na nasa gitna ng mga anak ni Israel. **10** Nguni't
ang mga Levita na nagsilayo sa akin nang ang Israel ay
maligaw sa akin sa pagsunod sa kanilang mga diosdiosan;
mangagdadanas sila ng kanilang kasamaan. **11** Gayon
ma'y magiging tagapangasiwa sila sa aking santuario, na
sila ang mamamahala sa mga pintuang-daan ng bahay,
at magsisipangasiwa sa bahay: kanilang papatayin ang
handog na susunugin at ang hain para sa bayan, at sila'y
magsisitayo sa harap ng mga yaon upang pangasiwaan
nila. **12** Sapagka't kanilang pinangasiwaan sila sa harap
ng kanilang mga diosdiosan, at naging ikatitisod sila sa
ikasasama ng sangbahayan ni Israel; kaya't itinaas ko ang
aking kamay laban sa kanila, sabi ng Panginoong Dios,
at dadanasin nila ang kanilang kasamaan. **13** At hindi sila
magsisilapit sa akin upang magsagawa ng katungkulan
ng saserdote sa akin, o magsisilapit man sa alin man sa
mga banal na bagay ko, sa mga bagay na kabanalbanalan;
kundi tataglayin nila ang kanilang kahihiyan, at ang kanilang
mga kasuklamsuklam na kanilang ginawa. **14** Gayon ma'y
gagawin ko silang tagapangasiwa sa bahay, para sa buong
paglilingkod doon, at sa lahat na gagawin doon. **15** Nguni't
ang mga saserdoteng Levita na mga anak na lalake ni
Sadoc, na nagiingat ng katungkulan sa aking santuario
nang ang mga anak ni Israel ay magsihiwalay sa akin, sila'y
magsisilapit sa akin upang magsipangasiwa sa akin; at sila'y
magsisitayo sa harap ko upang mangaghandog sa akin
ng taba at ng dugo, sabi ng Panginoong Dios: **16** Sila'y
magsisipasok sa aking santuario, at sila'y magsisilapit sa
aking dulang, upang magsipangasiwa sa akin, at iingatan
nila ang kanilang katungkulan sa akin. **17** At mangyayari,
na pagka sila'y magsisipasok sa mga pintuang-daan ng
lalong loob na looban, susuutan sila ng mga kayong linong
kasuutan; at walang lanang dadaiti sa kanila, samantalang
sila'y nagsisipangasiwa sa mga pintuang-daan ng lalong
loob na looban, at sa loob. **18** Sila'y mangagpupugong ng
kayong lino sa kanilang mga ulo, at mangagtatapi ng kayong
lino sa kanilang mga balakang; hindi sila mangagbibigkis
ng anomang nakapagpapapawis. **19** At pagka kanilang
lalabasin ang mga tao sa looban sa labas, ng bahay,
kanilang huhubarin ang kanilang mga kasuutan na kanilang
ipinangangasiwa, at ilalagay nila ang mga ito sa mga banal
na silid; at mangagsusuot sila ng ibang mga kasuutan,
upang huwag nilang banalin ang mga tao ng kanilang mga
kasuutan. **20** Ni aahitan man nila ang kanilang mga ulo, ni
titiisin man ang kanilang buhok ay humaba; kanila lamang
gugupitan ang kanilang mga ulo. **21** Ni iinom ng alak ang
sinomang saserdote pagka sila'y magsisipasok sa lalong
loob na looban. **22** Ni mangagaasawa man sa babaing bao,
o sa inihiwalay man: kundi sila'y magaasawa ng mga dalaga
sa lahi ng sangbahayan ni Israel, o ng babaing bao na
nabao sa saserdote. **23** At kanilang ituturo sa aking bayan
ang pagkakaiba ng banal at ng karaniwan, at ipakikilala
nila sa kanila ang marumi at malinis. **24** At sa pagtatalo
ay magsisitayo sila upang magsihatol; ayon sa aking mga
kahatulan ay kanilang hahatulan: at kanilang iingatan ang
aking mga kautusan at ang aking mga palatuntunan sa lahat
kong takdang kapistahan; at kanilang ipangingilin ang aking
mga sabbath. **25** At hindi sila magsisilapit sa alin mang
patay na tao na mangagpakahawa; nguni't sa ama, o sa
ina, o sa anak na lalake, o babae, sa kapatid na lalake, o
babae na hindi nagkaasawa, maaaring mangagpakahawa
sila. **26** At pagkatapos na siya'y malinis, sila'y bibilang sa
kaniya ng pitong araw. **27** At sa kaarawan na siya'y pumasok
sa santuario, sa lalong loob na looban upang mangasiwa
sa santuario, siya'y maghahandog ng kaniyang handog
dahil sa kasalanan, sabi ng Panginoong Dios. **28** At sila'y
mangagkakaroon ng mana; ako'y kanilang mana; at hindi
ninyo bibigyan sila ng pag-aari sa Israel; ako'y kanilang pag-
aari. **29** Sila'y magsisikain ng handog na harina, at ng handog
dahil sa kasalanan, at ng handog dahil sa pagkakasala; at
bawa't bagay na itinalaga sa Israel ay magiging kanila. **30**
At ang una sa lahat na unang bunga ng bawa't bagay, at
lahat na alay na bawa't bagay, sa lahat ninyong mga alay ay
magiging sa saserdote: inyo rin namang ibibigay sa mga
saserdote ang una sa inyong masa upang pagpalain ang
inyong bahay. **31** Ang mga saserdote ay hindi kakain ng
anomang bagay na namamatay sa kaniyang sarili, o nalapa,
maging ibon o hayop man.

45 Bukod dito'y pagka inyong hahatiin sa pamamagitan
ng sapalaran ang lupain na pinakamana,
mangaghahandog kayo ng alay sa Panginoon, isang banal
na bahagi ng lupain; ang haba ay magkakaroon ng habang
dalawang pu't limang libong tambo, at ang luwang ay
magiging sangpung libo: ito'y magiging banal sa lahat ng
hangganan niyaon sa palibot. 2 Dito'y magkakaroon ukol sa
dakong banal ng limang daan ang haba at limang daang
luwang, parisukat sa palibot; limang pung siko sa pagitan
niyaon sa palibot. 3 At sa sukat na ito iyong susukatin,
na ang haba ay dalawang pu't limang libo, at ang luwang
ay sangpung libo: at doo'y malalagay ang santuario, na
pinakabanal. 4 Siyang banal na bahagi ng lupain; ito'y para
sa mga saserdote, na mga tagapangasiwa ng santuario,
na nagsisilapit upang magsipangasiwa sa Panginoon; at
ito'y magiging dakong kalalagyan ng kanilang mga bahay, at
banal na dakong kalalagyan ng santuario. 5 At dalawang
pu't limang libo ang haba, at sangpung libo ang luwang
ay magiging sa mga Levita, na mga tagapangasiwa ng
bahay, na pinaka pag-aari sa kanilang sarili, na dalawang
pung silid. 6 At inyong itatakda ang pag-aari ng bayan na
limang libo ang luwang, at dalawang pu't limang libo ang
haba, sa tabi ng alay na banal na bahagi: magiging ukol
sa buong sangbahayan ni Israel. 7 Magkakaroon naman
para sa prinsipe ng bahagi sa isang dako at sa kabilang
dako sa banal na alay at sa pag-aari ng bayan, sa harap ng
banal na alay at sa harap ng pag-aari ng bayan, sa dakong
kalunuran na gawing kalunuran, at sa dakong silanganan
na gawing silanganan; at ang haba ay ayon sa isa sa
mga bahagi, mula sa hangganang kalunuran hanggang
sa hangganang silanganan. 8 Sa lupaing ito'y magiging
kaniya na pinakaari sa Israel: at hindi na pipighatiin pa ng
aking mga prinsipe ang aking bayan; kundi ibibigay nila ang
lupain sa sangbahayan ni Israel ayon sa kanilang mga lipi. 9
Ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Magkasiya ito sa inyo,
Oh mga prinsipe ng Israel: iwan ninyo ang pangdadahas
at pagsamsam, at magsagawa kayo ng kahatulan at ng
kaganapan; alisin ninyo ang inyong atang sa aking bayan,
sabi ng Panginoong Dios. 10 Kayo'y magkakaroon ng mga
ganap na timbangan; at ganap na efa, at ganap na bath. 11
Ang efa at ang bath ay magiging iisang takalan, upang ang
bath ay maglaman ng ikasangpung bahagi ng isang homer,
at ang efa ay ikasangpung bahagi ng isang homer: ang
takal niyaon ay magiging ayon sa homer. 12 At ang siklo ay
magiging dalawang pung gera: dalawangpung siklo, lima at
dalawang pung siklo, labing limang siklo ay siyang magiging
maneh ninyo. 13 Ito ang alay na inyong ihahandog: ang
ikaanim na bahagi ng isang efa mula sa isang homer ng
trigo; at inyong ibibigay ang ikaanim na bahagi ng isang
efa mula sa isang homer ng cebada; 14 At ang takdang
bahagi ng langis, ng bath ng langis, ang ikasangpung bahagi
ng bath mula sa isang kor, na sangpung bath, o isang
homer (sapagka't sangpung bath ay isang homer); 15 At
isang batang tupa sa kawan, mula sa dalawang daan, na
mula sa matabang pastulan ng Israel; na pinakahandog na
harina, at pinakahandog na susunugin, at pinakahandog
tungkol sa kapayapaan, upang ipangtubos sa kanila, sabi ng
Panginoong Dios. 16 Buong bayan ng lupain ay magbibigay
ng alay na ito sa prinsipe sa Israel. 17 At magiging tungkulin
ng prinsipe na magbigay ng mga handog na susunugin, at ng
mga handog na harina, at ng mga inuming handog, sa mga
kapistahan, at sa mga bagong buwan, at sa mga sabbath, sa
lahat ng takdang kapistahan ng sangbahayan ni Israel: siya'y
maghahanda ng handog dahil sa kasalanan, at ng handog
na harina, at ng handog na susunugin, at ng mga handog
tungkol sa kapayapaan, upang ipangtubos sa sangbahayan
ni Israel. 18 Ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Sa unang
buwan, sa unang araw ng buwan, kukuha ka ng guyang toro
na walang kapintasan; at iyong lilinisin ang santuario. 19
At ang saserdote ay kukuha ng dugo ng handog dahil sa
kasalanan, at ilalagay sa mga haligi ng pintuan ng bahay, at
sa apat na sulok ng patungang dambana, at sa mga haligi
ng pintuang-daan ng lalong loob na looban. 20 At gayon ang
iyong gagawin sa ikapitong araw ng buwan para sa bawa't
nagkakamali, at sa bawa't walang malay: gayon ninyo lilinisin
ang bahay. 21 Sa unang buwan, sa ikalabing apat na araw
ng buwan, magdidiwang kayo ng paskua, isang kapistahan
na pitong araw; tinapay na walang levadura ang kakanin.
22 At sa araw na yaon ay maghahanda ang prinsipe para
sa kaniya at sa buong bayan ng lupain ng isang guyang
toro na pinakahandog dahil sa kasalanan. 23 At sa pitong
araw ng kapistahan ay ipaghahanda niya ng handog na
susunugin ang Panginoon, pitong toro at pitong tupa na
walang kapintasan sa araw-araw na pitong araw; at isang
kambing araw-araw na pinakahandog dahil sa kasalanan.
24 At siya'y maghahanda ng handog na harina, ng isang
efa sa isang toro, at ng isang efa sa isang lalaking tupa, at
isang hin ng langis sa isang efa. 25 Sa ikapitong buwan, sa
ikalabing limang araw ng buwan, sa kapistahan, kaniyang
gagawin ang gaya ng pitong araw; ayon sa handog dahil
sa kasalanan, ayon sa handog na susunugin, at ayon sa
handog na harina, at ayon sa langis.

46 Ganito ang sabi ng Panginoong Dios, Ang pintuang-
daan ng lalong loob na looban na nakaharap sa dakong
silanganan ay sasarhan sa anim na araw na iginagawa;
nguni't sa sabbath ay bubuksan, at sa kaarawan ng bagong
buwan ay bubuksan. 2 At ang prinsipe ay papasok sa daan
ng portiko ng pintuang-daan sa labas; at tatayo sa tabi ng

haligi ng pintuang-daan; at maghahanda ang mga saserdote
ng kaniyang handog na susunugin, at ng kaniyang mga
handog tungkol sa kapayapaan, at siya'y sasamba sa may
pasukan ng pintuang-daan; kung magkagayo'y lalabas siya;
nguni't ang pintuang-daan ay hindi sasarhan hanggang
sa hapon. 3 At ang bayan ng lupain ay sasamba sa may
pintuan ng pintuang-daang yaon sa harap ng Panginoon sa
mga sabbath at sa mga bagong buwan. 4 At ang handog na
susunugin na ihahandog ng prinsipe sa Panginoon sa araw
ng sabbath ay anim na batang tupa na walang kapintasan at
isang lalaking tupang walang kapintasan; 5 At ang handog
na harina ay isang efa sa lalaking tupa, at ang handog na
harina sa mga batang tupa ay ang kaniyang kayang ibigay,
at isang hin ng langis sa isang efa. 6 At sa kaarawan ng
bagong buwan ay isang guyang toro na walang kapintasan,
at anim na batang tupa at isang lalaking tupa; mga walang
kapintasan: 7 At siya'y maghahanda ng handog na harina,
isang efa sa toro, at isang efa sa lalaking tupa, at sa mga
batang tupa ay ayon sa kaniyang kaya, at isang hin na langis
sa isang efa. 8 At pagka ang prinsipe ay papasok, siya'y
papasok sa daan ng portiko ng pintuang-daan, at sa daan
ding yaon siya lalabas. 9 Nguni't pagka ang bayan ng lupain
ay haharap sa Panginoon sa mga takdang kapistahan,
siyang pumapasok sa daan ng pintuang-daang hilagaan
upang sumamba ay lalabas sa daan ng pintuang-daang
timugan ay lalabas sa daan ng pintuang-daang hilagaan;
hindi siya babalik sa daan ng pintuang-daan na kaniyang
pinasukan, kundi lalabas na matuwid sa harap niya. 10 At
ang prinsipe, pagka sila'y magsisipasok, ay magsisipasok
sa gitna ng mga yaon; at pagka sila'y magsisilabas ay
magsisilabas na magkakasama. 11 At sa mga kapistahan at
sa mga kadakilaan ay ang handog na harina ay magiging
isang efa sa isang toro, at isang efa sa lalaking tupa, at
sa mga batang tupa ay ang kayang ibigay niya, at isang
hin ng langis sa isang efa. 12 At pagka ang prinsipe ay
maghahanda ng kusang handog, ng handog na susunugin o
ng mga handog tungkol sa kapayapaan na pinakakusang
handog sa Panginoon, may isang magbubukas sa kaniya
ng pintuang-daan na nakaharap sa dakong silanganan; at
kaniyang ihahanda ang kaniyang handog na susunugin at
ang kaniyang mga handog tungkol sa kapayapaan, gaya ng
kaniyang ginagawa sa araw ng sabbath; kung magkagayo'y
lalabas siya; at pagkalabas niya ay sasarhan ng isa ang
pintuang-daan. 13 At ikaw ay maghahanda ng isang batang
tupa ng unang taon na walang kapintasan na pinakahandog
na susunugin sa Panginoon araw-araw: tuwing umaga ay
maghahanda ka. 14 At iyong ihahandang handog na harina
na kasama niyaon tuwing umaga, ang ikaanim na bahagi ng
isang efa, at ang ikatlong bahagi ng isang hin ng langis,
upang basain ang mainam na harina; isang handog na
harina na lagi sa Panginoon: na pinakalaging alituntunin.
15 Ganito nila ihahanda ang batang tupa at ang handog
na harina, at ang langis, tuwing umaga, na pinakahandog
na susunuging lagi. 16 Ganito ang sabi ng Panginoong
Dios: Kung ang prinsipe ay magbigay ng kaloob sa kanino
man sa kaniyang mga anak, ay magiging kaniyang mana,
mauukol sa kaniyang mga anak; siyang kanilang pag-aari na
pinakamana. 17 Nguni't kung ibigay niya ang kaniyang mana
na pinakakaloob sa isa sa kaniyang mga alipin, magiging
kaniya sa taon ng kalayaan; kung magkagayo'y mababalik
sa prinsipe; nguni't tungkol sa kaniyang mana, magiging
sa kaniyang mga anak. 18 Bukod dito'y hindi kukuha ang
prinsipe ng mana ng bayan, na aalisin sa kanila ang kanilang
pag-aari; siya'y magbibigay ng mana sa kaniyang mga anak
na mula sa kaniyang sariling pag-aari, upang ang aking
bayan ay huwag mangalat bawa't isa sa kaniyang pag-aari.
19 Nang magkagayo'y dinala niya ako sa pasukan, na nasa
tabi ng pintuang-daan, sa loob ng mga banal na silid na ukol
sa mga saserdote, na nakaharap sa hilagaan: at, narito, may
isang dako sa lalong loob na bahagi na dakong kalunuran.
20 At sinabi niya sa akin, Ito ang dako na pagpapakuluan ng
mga saserdote ng handog sa pagkakasala at ng handog dahil
sa kasalanan, na siyang kanilang pagiihawan ng handog na
harina; upang huwag nilang mailabas sa lalong labas na
looban, upang banalin ang bayan. 21 Nang magkagayo'y
inilabas niya ako sa labas ng looban ng bahay at pinaraan
niya ako sa apat na sulok ng looban; at, narito, sa bawa't
sulok ng looban ay may isang looban. 22 Sa apat na sulok
ng looban ay may mga looban na nababakod, apat na pung
siko ang haba at tatlong pu ang luwang: ang apat na ito sa
mga sulok ay may isang sukat. 23 At may isang pader sa
palibot ng mga yaon, sa palibot ng apat, at may ginawang
pakuluang mga dako sa ilalim ng mga pader sa palibot. 24
Nang magkagayo'y sinabi niya sa akin, Ito ang mga dako
na pakuluan na pagpapakuluan ng mga tagapangasiwa sa
bahay ng hain ng bayan.

47 At ibinalik niya ako sa pintuan ng bahay; at, narito, ang
tubig ay lumalabas sa ilalim ng pasukan sa bahay sa
dakong silanganan (sapagka't ang harapan ng bahay ay
sa dakong silanganan); at ang tubig ay umaagos sa ilalim,
mula sa dakong kanan ng bahay, sa timugan ng dambana.
2 Nang magkagayo'y inilabas niya ako sa daan ng pintuang-
daang hilagaan, at pinatnubayan niya ako sa palibot ng
daan sa labas, sa lalong labas ng pintuang-daan, sa daan
ng pintuang-daan na nakaharap sa dakong silanganan; at,
narito, doo'y lumalabas ang tubig sa dakong kanan. 3 Nang
ang lalake ay lumabas sa dakong silanganan na may pising
panukat sa kaniyang kamay, siya'y sumukat ng isang libong

siko, at pinaraan niya ako sa tubig, sa tubig na hanggang
bukongbukong. 4 Muling sumukat siya ng isang libo, at
pinaraan niya ako sa tubig, sa tubig na hanggang mga tuhod.
Muli siyang sumukat ng isang libo, at pinaraan niya ako sa
tubig, sa tubig na hanggang sa mga balakang. 5 Pagkatapos
ay sumukat siya ng isang libo; at isang ilog na hindi ko
naraanan; sapagka't ang tubig ay sumasampa, tubig upang
languyan, ilog na hindi mararaanan. 6 At sinabi niya sa
akin, Anak ng tao, nakita mo baga ito? Nang magkagayo'y
dinala niya ako, at pinabalik niya ako sa pangpang ng ilog.
7 Nang ako nga'y makabalik, narito, sa pangpang ng ilog,
ay may totoong maraming puno ng kahoy sa magkabilang
dako. 8 Nang magkagayo'y sinabi niya sa akin, Ang tubig na
ito ay lumalabas sa dakong silanganang lupain, at bababa
sa Araba; at huhugos sa dagat; sa dagat ay huhugos ang
tubig na pinalabas; at ang tubig ay mapagagaling. 9 At
mangyayari, na bawa't likhang may buhay na dumadami,
saan mang dako umaagos ang tubig, ay mabubuhay; at
magkakaroon ng totoong napakaraming isda; sapagka't ang
tubig na ito ay dumarating diyan at ang tubig ng dagat ay
mapagagaling, at bawa't may buhay ay mabubuhay saan
man dumating ang ilog. 10 At mangyayari, na ang mga
mangingisda ay magsisitayo sa tabi niyaon: mula sa En-gedi
hanggang sa En-eglaim ay magiging dako na ladlaran ng
mga lambat; ang mga isda ng mga yaon ay magiging ayon
sa pagkakaisda ng mga yaon, gaya ng isda sa malaking
dagat, na totoong marami. 11 Nguni't ang kaniyang mga
dakong maburak, at ang mga lumbak niyaon, ay hindi
mapapagaling; magiging asinan nga. 12 At sa pangpang
ng ilog sa tabi niyaon, sa dakong ito at sa dakong yaon,
tutubo ang sarisaring punong kahoy na pinakapagkain,
na ang dahon ay hindi matutuyo, ni magkukulang man
ang bunga niyaon: magbubunga ng bago buwan-buwan,
sapagka't ang tubig niyaon ay lumalabas sa santuario; at
ang bunga niyaon ay magiging pagkain at ang dahon niyaon
ay pangpagaling. 13 Ganito ang sabi ng Panginoong Dios:
Ito ang magiging hangganan, na inyong pagbabahagihan ng
lupain na pinakamana ayon sa labing dalawang lipi ng Israel:
ang Jose ay magkakaroon ng dalawang bahagi. 14 At inyong
mamanahin, ng isa na gaya ng iba; sapagka't aking isinumpa
na ibigay ito sa inyong mga magulang: at ang lupaing
ito ay mahuhulog sa inyo na pinakamana. 15 At ito ang
magiging hangganan ng lupain: Sa dakong hilagaan, mula
sa malaking dagat, sa daang Hethlon, hanggang sa pasukan
sa Sedad; 16 Hamath, Berotha, Sibrahim, na nasa pagitan
ng hangganan ng Damasco at ng hangganan ng Hamath;
Haser-hatticon na nasa tabi ng hangganan ng Hauran. 17 At
ang hangganang mula sa dagat ay magiging ang Hazar-
enon sa hangganan ng Damasco, at nasa hilagaan na
dakong hilagaan ang hangganan ng Hamath. Ito ang dakong
hilagaan. 18 At ang dakong silanganan, ang pagitan ng
Hauran at ng Damasco at ng Galaad, at ang lupain ng Israel,
ay siyang magiging Jordan; mula sa hilagaang hangganan
hanggang sa silanganang dagat ay inyong susukatin. Ito
ang dakong silanganan. 19 At ang timugang dako na gawing
timugan ay magiging mula sa Tamar hanggang sa tubig ng
Meribot-cades, sa batis ng Egipto, hanggang sa malaking
dagat. Ito ang timugang dako na gawing timugan. 20 At ang
dakong kalunuran ay magiging ang malaking dagat, mula sa
hangganang timugan hanggang sa tapat ng pasukan sa
Hamath. Ito ang dakong kalunuran. 21 Gayon ninyo hahatiin
ang lupaing ito sa inyo ayon sa mga lipi ng Israel. 22 At
mangyayari na inyong hahatiin sa sapalaran na pinakamana
sa inyo at sa mga taga ibang lupa na makikipamayan
sa gitna ninyo, na magkakaanak sa gitna ninyo; at sila'y
magiging sa inyo'y gaya ng ipinanganak sa gitna ng mga
anak ni Israel; sila'y magkakaroon ng mana na kasama
ninyo sa gitna ng mga lipi ng Israel. 23 At mangyayari, na
kung saang lipi nakipamayan ang taga ibang lupa, doon
ninyo bibigyan siya ng mana, sabi ng Panginoong Dios.

**48** Ang mga ito nga ang mga pangalan ng mga lipi: Mula sa
dulong hilagaan, sa tabi ng daan ng Hethlon hanggang
sa pasukan sa Hamath, Hasar-enan, sa hangganan ng
Damasco, na dakong hilagaan sa gawing yaon ng Hamath; (at
mga magkakaroon ng mga dakong silanganan at kalunuran),
ang Dan, isang bahagi. 2 At sa tabi ng hangganan ng Dan,
mula sa dakong silanganan hanggang sa dakong kalunuran,
ang Aser, isang bahagi. 3 At sa tabi ng hangganan ng Aser,
mula sa dakong silanganan hanggang sa dakong kalunuran,
ang Nephtali, isang bahagi. 4 At sa tabi ng hangganan
ng Nephtali, mula sa dakong silanganan hanggang sa
dakong kalunuran, ang Manases, isang bahagi. 5 At sa tabi
ng hangganan ng Manases, mula sa dakong silanganan
hanggang sa dakong kalunuran, ang Ephraim, isang bahagi.
6 At sa tabi ng hangganan ng Ephraim, mula sa dakong
silanganan hanggang sa dakong kalunuran, ang Ruben,
isang bahagi. 7 At sa tabi ng hangganan ng Ruben, mula sa
dakong silanganan hanggang sa dakong kalunuran, ang
Juda, isang bahagi. 8 At sa tabi ng hangganan ng Juda,
mula sa dakong silanganan hanggang sa dakong kalunuran,
malalagay ang alay na inyong ihahandog, dalawang pu't
limang libong tambo ang luwang, at ang haba ay gaya ng isa
sa mga bahagi, mula sa dakong silanganan hanggang sa
dakong kalunuran; at ang santuario ay malalagay sa gitna
niyaon. 9 Ang alay na inyong ihahandog sa Panginoon ay
magiging dalawang pu't limang libong tambo ang haba, at
sangpung libo ang luwang. 10 At magiging sa mga ito, sa
makatuwid baga'y sa mga saserdote, ang banal na alay; sa

dakong hilagaan ay dalawang pu't limang libo ang haba,
at sa dakong kalunuran ay sangpung libo ang luwang,
at sa dakong timugan ay dalawang pu't limang libo ang
haba: at ang santuario ng Panginoon ay maglalagay sa
gitna niyaon. **11** Ito'y magiging sa mga saserdote na mga
pinapaging banal sa mga anak ni Sadoc, na nagsisiganap
ng katungkulan sa akin na hindi nangagpakaligaw nang
mangagpakaligaw ang mga anak ni Israel, na gaya ng mga
Levita na nangagpakaligaw. **12** At sa kanila'y magiging alay
na mula sa alay ng lupain, bagay na kabanalbanalan sa tabi
ng hangganan ng mga Levita. **13** At ayon sa hangganan
ng mga saserdote, ang mga Levita ay mangagkakaroon
ng dalawang pu't limang libo ang haba, at sangpung libo
ang luwang: ang buong haba ay magiging dalawang pu't
limang libo, at ang luwang ay sangpung libo. **14** At hindi
nila ipagbibili, o ipagpapalit man, o ipagkakaloob sa iba
man ang mga unang bunga ng lupain; sapagka't ito'y
banal sa Panginoon. **15** At ang limang libo na naiwan sa
naluwangan, sa tapat ng dalawang pu't limang libo, magiging
sa karaniwang kagamitan na ukol sa bayan, sa tahanan
at sa mga nayon; at ang bayan ay malalagay sa gitna
niyaon. **16** At ang mga ito ang magiging mga sukat niyaon:
sa dakong hilagaan ay apat na libo at limang daan, at
sa dakong timugan ay apat na libo at limang daan, at sa
dakong silanganan ay apat na libo at limang daan, at sa
dakong kalunuran ay apat na libo at limang daan. **17** At ang
bayan ay magkakaroon ng mga nayon: sa dakong hilagaan
ay dalawang daan at limang pu, at sa dakong timugan
ay dalawang daan at limang pu, at sa dakong silanganan
ay dalawang daan at limang pu, at sa dakong kalunuran
ay dalawang daan at limang pu. **18** At ang labis sa haba,
na nauukol sa banal na alay, magiging sangpung libo sa
dakong silanganan, at sangpung libo sa dakong kalunuran;
at magiging ukol sa banal na alay; at ang bunga niyaon ay
magiging pinakapagkain sa nagsisigawa sa bayan. **19** At
tatamnan nilang nagsisigawa sa bayan sa lahat ng mga
lipi ng Israel. **20** Buong alay ay magiging dalawang pu't
limang libong tambo at dalawang pu't limang libo: inyong
ihahandog na parisukat ang banal na alay, sangpu ng pag-
aari ng bayan. **21** At ang labis ay magiging sa prinsipe,
sa isang dako at sa kabilang dako ng banal na alay at sa
pag-aari ng bayan; sa tapat ng dalawang pu't limang libo
sa alay sa dako ng silanganang hangganan, at sa dakong
kalunuran sa tapat ng dalawang pu't limang libo sa dako ng
kalunurang hangganan, na ukol sa mga bahagi, magiging sa
prinsipe: at ang banal na alay at ang santuario ng bahay ay
malalagay sa gitna niyaon. **22** Bukod dito'y mula sa pag-
aari ng mga Levita, at mula sa pag-aari ng bayan na nasa
gitna ng sa prinsipe, sa pagitan ng hangganan ng Juda at
ng hangganan ng Benjamin, magiging sa prinsipe. **23** At
tungkol sa nalabi sa mga lipi: mula sa dakong silanganan
hanggang sa dakong kalunuran, ang Benjamin, isang bahagi.
**24** At sa tabi ng hangganan ng Benjamin, mula sa dakong
silanganan hanggang sa dakong kalunuran, ang Simeon,
isang bahagi. **25** At sa tabi ng hangganan ng Simeon, mula
sa dakong silanganan hanggang sa dakong kalunuran,
ang Issachar, isang bahagi. **26** At sa tabi ng hangganan
ng Issachar, mula sa dakong silanganan hanggang sa
dakong kalunuran, ang Zabulon, isang bahagi. **27** At sa
tabi ng hangganan ng Zabulon mula sa dakong silanganan
hanggang sa dakong kalunuran, ang Gad, isang bahagi.
**28** At sa tabi ng hangganan ng Gad, sa dakong timugan
na gawing timugan, ang hangganan ay magiging mula sa
Tamar hanggang sa tubig ng Meribat-cades sa batis ng
Egipto, hanggang sa malaking dagat. **29** Ito ang lupain
na inyong babahagihin sa sapalaran sa mga lipi ng Israel
na pinakamana, at ang mga ito ang kanilang mga iba't
ibang bahagi, sabi ng Panginoong Dios. **30** At ang mga ito
ang mga labasan sa bayan: Sa dakong hilagaan ay apat
na libo at limang daang tambo sa sukat; **31** At ang mga
pintuang-daan ng bayan ay magiging ayon sa mga pangalan
ng mga lipi ng Israel, tatlong pintuang-daan sa dakong
hilagaan: ang pintuang-daan ng Ruben, isa; ang pintuang-
daan ng Juda, isa; ang pintuang-daan ng Levi, isa. **32** At sa
dakong silanganan ay apat na libo at limang-daang tambo, at
tatlong pintuang-daan: ang pintuang-daan ng Jose, isa; ang
pintuang-daan ng Benjamin, isa; ang pintuang-daan ng Dan,
isa: **33** At sa dakong timugan ay apat na libo at limang daang
tambo sa sukat, at tatlong pintuang-daan: ang pintuang-
daan ng Simeon, isa; ang pintuang-daan ng Issachar, isa;
ang pintuang-daan ng Zabulon, isa: **34** Sa dakong kalunuran
ay apat na libo at limang daang tambo, na may kanilang
tatlong pintuang-daan: ang pintuang-daan ng Gad, isa; ang
pintuang-daan ng Aser, isa; ang pintuang-daan ng Nephtali,
isa. **35** Magkakaroon ng labing walong libong tambo ang
sukat sa palibot: at ang magiging pangalan ng bayan mula
sa araw na yaon ay, Ang Panginoon ay naroroon.

# Daniel

**1** Nang ikatlong taon ng paghahari ni Joacim na hari sa Juda, ay dumating sa Jerusalem si Nabucodonosor na hari sa Babilonia, at kinubkob niya yaon. **2** At ibinigay ng Panginoon sa kaniyang kamay si Joacim na hari sa Juda, sangpu ng bahagi ng mga kasangkapan ng bahay ng Dios; at ang mga yao'y dinala niya sa lupain ng Sinar sa bahay ng kaniyang dios: at ipinasok niya ang mga kasangkapan sa silid ng kayamanan ng kaniyang dios. **3** At ang hari ay nagsalita kay Aspenaz, na puno ng kaniyang mga bating, na siya'y magdala ng ilan sa mga anak ni Israel, sa makatuwid baga'y sa lahing hari at sa mga mahal na tao; **4** Mga binatang walang kapintasan, kundi may mabubuting bikas, at matatalino sa lahat na karunungan, at bihasa sa kaalaman, at nakakaunawa ng dunong, at may ganyang kakayahan na makatayo sa palacio ng hari; at kaniyang tuturuan sila ng turo at wika ng mga Caldeo. **5** At ipinagtakda ng hari sila ng bahagi sa araw sa pagkain ng hari, at sa alak na kaniyang iniinom, at sila'y kakandilihin na tatlong taon; upang sa wakas niyao'y mangakatayo sila sa harap ng hari. **6** Na sa mga ito nga, sa mga anak ni Juda, si Daniel, si Ananias, si Misael, at si Azarias. **7** At pinanganlan sila ng pangulo ng mga bating: kay Daniel ang ipinangalan ay Beltsasar, at kay Ananias ay Sadrach; at kay Misael ay Mesach; at kay Azarias ay Abed-nego. **8** Nguni't pinasiyahan ni Daniel sa kaniyang puso na siya'y hindi magpapakahamak sa pagkain ng hari, o sa alak man na kaniyang iniinom: kaya't kaniyang hiniling sa pangulo ng mga bating na siya'y huwag mapahamak. **9** Si Daniel nga ay pinasumpong ng Dios, ng lingap at habag sa paningin ng pangulo ng mga bating. **10** At sinabi ng pangulo ng mga bating kay Daniel, Ako'y natatakot sa aking panginoong hari, na nagtakda ng inyong pagkain at ng inyong inumin: sapagka't bakit niya makikita na ang inyong mga mukha ay maputla kay sa mga binata na inyong mga kasinggulang? isasapanganib nga ninyo ang aking ulo sa hari. **11** Nang magkagayo'y sinabi ni Daniel sa katiwala na inihalal ng pangulo ng mga bating kay Daniel, kay Ananias, kay Misael, at kay Azarias: **12** Ipinamamanhik ko sa iyo, na subukin mo ang iyong mga lingkod, na sangpung araw; at bigyan kami ng mga gulay na makain, at tubig na mainom. **13** Kung magkagayo'y masdan mo ang aming mga mukha sa harap mo, at ang mukha ng mga binata na nagsisikain ng pagkain ng hari; at ayon sa iyong makikita ay gawin mo sa iyong mga lingkod. **14** Sa gayo'y dininig niya sila sa bagay na ito, at sinubok niya sila na sangpung araw. **15** At sa katapusan ng sangpung araw ay napakitang lalong maganda ang kanilang mga mukha, at sila'y lalong mataba sa laman kay sa lahat na binata na nagsisikain ng pagkain ng hari. **16** Sa gayo'y inalis ng katiwala ang kanilang pagkain, at ang alak na kanilang inumin, at binigyan sila ng mga gulay. **17** Tungkol nga sa apat na binatang ito, pinagkalooban sila ng Dios ng kaalaman at katalinuhan sa lahat ng turo at karunungan: at si Daniel ay may pagkaunawa sa lahat na pangitain at mga panaginip. **18** At sa katapusan ng mga araw na itinakda ng hari sa paghaharap sa kanila, ipinasok nga sila ng pangulo ng mga bating sa harap ni Nabucodonosor. **19** At ang hari ay nakipagsalitaan sa kanila; at sa kanilang lahat ay walang nasumpungang gaya ni Daniel, ni Ananias, ni Misael, at ni Azarias: kaya't sila'y nanganatili sa harap ng hari. **20** At sa bawa't bagay ng karunungan at unawa, na inusisa ng hari sa kanila, nasumpungan niya silang makasangpung mainam kay sa lahat ng mahiko at mga enkantador na nangasa kaniyang buong kaharian. **21** At si Daniel ay namalagi hanggang sa unang taon ng haring Ciro.

**2** At nang ikalawang taon ng paghahari ni Nabucodonosor ay nanaginip si Nabucodonosor ng mga panaginip; at ang kaniyang espiritu ay nabagabag, at siya'y napukaw sa pagkakatulog. **2** Nang magkagayo'y ipinatawag ng hari ang mga mahiko, at ang mga enkantador, at ang mga manghuhula, at ang mga Caldeo, upang saysayin sa hari ang kaniyang mga panaginip. Sa gayo'y nagsipasok sila at sila'y nagsiharap sa hari. **3** At sinabi ng hari sa kanila, Ako'y nanaginip ng isang panaginip, at ang aking Espiritu ay nabagabag upang maalaman ang panaginip. **4** Nang magkagayo'y nagsalita ang mga Caldeo sa hari sa wikang Siria, Oh hari, mabuhay ka magpakailan man: saysayin mo sa iyong mga lingkod ang panaginip, at aming ipaliliwanag ang kahulugan. **5** Ang hari ay sumagot, at nagsabi sa mga Caldeo, Ang bagay ay nawala sa akin: kung di ninyo ipaliliwanag sa akin ang panaginip at ang kahulugan niyaon, kayo'y pagpuputolputulin, at ang inyong mga bahay ay gagawing dumihan. **6** Nguni't kung inyong ipaliwanag ang panaginip at ang kahulugan niyaon, kayo'y magsisitanggap sa akin ng mga kaloob at mga kagantihan at dakilang karangalan: kaya't ipaliwanag ninyo sa akin ang panaginip at ang kahulugan niyaon. **7** Sila'y nagsisagot na ikalawa, at nangagsabi, Saysayin ng hari sa kaniyang mga lingkod ang panaginip, at aming ipaliliwanag ang kahulugan. **8** Ang hari ay sumagot, at nagsabi. Tunay na talastas ko na ibig ninyong magdahilan, sapagka't inyong nalalaman na nawala sa akin ang bagay. **9** Nguni't kung di ninyo ipaliwanag sa akin ang panaginip, iisang kautusan lamang mayroon sa inyo; sapagka't kayo'y nangaghanda ng pagbubulaan at mga hamak na salita sa harap ko, hanggang sa ang panahon ay magbago: kaya't saysayin ninyo sa akin ang panaginip, at malalaman ko na inyong maipaliliwanag sa akin ang kahulugan niyaon. **10** Ang mga Caldeo ay nagsisagot sa

harap ng hari, at nangagsabi, Walang tao sa ibabaw ng
lupa na makapagpapaaninaw ng bagay ng hari, palibhasa'y
walang hari, panginoon, o pinuno man, na nagtanong ng
ganyang bagay sa kanino mang mahiko, enkantador, o
Caldeo. **11** At isang mahirap na bagay ang inuusisa ng hari,
at walang ibang makapagpapaaninaw sa harap ng hari,
liban ang mga dios, na ang tahanan ay hindi kasama ng
tao. **12** Dahil sa bagay na ito ang hari ay nagalit at totoong
nagalab sa galit, at nagutos na lipulin ang lahat na pantas
na tao sa Babilonia. **13** Sa gayo'y itinanyag ang pasiya, at
ang mga pantas na tao ay papatayin; at hinanap nila si
Daniel at ang kaniyang mga kasama upang patayin. **14** Nang
magkagayo'y nagbalik ng sagot si Daniel na may payo at
kabaitan kay Arioch na punong kawal ng bantay ng hari, na
lumabas upang patayin ang mga pantas na tao sa Babilonia;
**15** Siya'y sumagot, at nagsabi kay Arioch na punong kawal
ng hari, Bakit ang pasiya ay totoong madalian mula sa hari?
Nang magkagayo'y ipinatalastas ni Arioch ang bagay kay
Daniel. **16** At si Daniel ay pumasok, at humiling sa hari na
takdaan siya ng panahon, at kaniyang ipaaaninaw sa hari
ang kahulugan. **17** Nang magkagayo'y naparoon si Daniel sa
kaniyang bahay, at ipinaalam ang bagay kay Ananias, kay
Misael, at kay Azarias, na kaniyang mga kasama: **18** Upang
sila'y magsipagnais ng kaawaan sa Dios ng langit tungkol sa
lihim na ito; upang si Daniel at ang kaniyang mga kasama
ay hindi mangamatay na kasama ng ibang mga pantas na
tao sa Babilonia. **19** Nang magkagayo'y nahayag ang lihim
kay Daniel sa isang pangitain sa gabi. Nang magkagayo'y
pinuri ni Daniel ang Dios sa langit. **20** Si Daniel ay sumagot,
at nagsabi, Purihin ang pangalan ng Dios magpakailan man:
sapagka't ang karunungan at kapangyarihan ay kaniya. **21** At
kaniyang binabago ang mga panahon at mga kapanahunan;
siya'y nagaalis ng mga hari, at naglalagay ng mga hari; siya'y
nagbibigay ng karunungan sa marunong at ng kaalaman sa
makakaalam ng unawa; **22** Siya'y naghahayag ng malalim
at lihim na mga bagay; kaniyang nalalaman kung ano ang
nasa kadiliman, at ang liwanag ay tumatahang kasama niya.
**23** Pinasasalamatan kita, at pinupuri kita, Oh ikaw na Dios
ng aking mga magulang, na siyang nagbigay sa akin ng
karunungan at lakas, at nagpatalastas ngayon sa akin ng
ninais namin sa iyo; sapagka't iyong ipinaalam sa amin ang
bagay ng hari. **24** Kaya't pinasok ni Daniel si Arioch na
siyang inihalal ng hari na lipulin ang mga pantas na tao sa
Babilonia; siya'y naparoon, at nagsabi sa kaniya ng ganito,
Huwag mong lipulin ang mga pantas na tao sa Babilonia;
dalhin mo ako sa harap ng hari, at aking ipaaaninaw sa hari
ang kahulugan. **25** Nang magkagayo'y dinalang madali ni
Arioch si Daniel sa harap ng hari, at nagsabing ganito sa
kaniya, Ako'y nakasumpong ng isang lalake sa mga anak
ng nangabihag sa Juda, na magpapaaninaw sa hari ng
kahulugan. **26** Ang hari ay sumagot, at nagsabi kay Daniel, na
ang pangalan ay Beltsasar, Maipaaaninaw mo baga sa akin
ang panaginip na aking nakita, at ang kahulugan niyaon? **27**
Si Daniel ay sumagot sa harap ng hari, at nagsabi, Ang
lihim na itinatanong ng hari ay hindi maipaaaninaw sa hari
kahit ng mga pantas na tao, ng mga enkantador, ng mga
mahiko man, o ng mga manghuhula man. **28** Nguni't may
isang Dios sa langit na naghahayag ng mga lihim, at siyang
nagpapaaninaw sa haring Nabucodonosor kung ano ang
mangyayari sa mga huling araw. Ang iyong panaginip, at
ang pangitain ng iyong ulo sa iyong higaan ay ang mga
ito: **29** Tungkol sa iyo, Oh hari, ang iyong mga pagiisip ay
dumating sa iyo sa iyong higaan, kung ano ang mangyayari
sa panahong darating; at siya na naghahayag ng mga lihim
ay ipinaaninaw sa iyo kung ano ang mangyayari. **30** Nguni't
tungkol sa akin ang lihim na ito ay hindi nahayag sa akin ng
dahil sa anomang karunungan na tinamo kong higit kay sa
sinomang may buhay, kundi upang maipaaninaw sa hari ang
kahulugan at upang iyong maalaman ang mga pagiisip ng
iyong puso. **31** Ikaw, Oh hari, nakakita, at narito, ang isang
malaking larawan. Ang larawang ito na makapangyarihan,
at ang kaniyang kakinangan ay mainam, ay tumayo sa
harap mo; at ang anyo niyao'y kakilakilabot. **32** Tungkol sa
larawang ito, ang kaniyang ulo ay dalisay na ginto, ang
kaniyang dibdib at ang kaniyang mga bisig ay pilak, ang
kaniyang tiyan at ang kaniyang mga hita ay tanso, **33** Ang
kaniyang mga binti ay bakal, ang kaniyang mga paa'y isang
bahagi ay bakal, at isang bahagi ay putik na luto. **34** Iyong
tinitingnan hanggang sa may natibag na isang bato, hindi
ng mga kamay, na tumama sa larawan sa kaniyang mga
paang bakal at putik na luto, at mga yao'y binasag. **35** Nang
magkagayo'y ang bakal, ang putik na luto, ang tanso, ang
pilak, at ang ginto ay nagkaputolputol na magkakasama, at
naging parang dayami sa mga giikan sa tagaraw; at tinangay
ng hangin na walang dakong kasumpungan sa mga yaon:
at ang bato na tumama sa larawan ay naging malaking
bundok, at pinuno ang buong lupa. **36** Ito ang panaginip;
at aming sasaysayin ang kahulugan niyaon sa harap ng
hari. **37** Ikaw, Oh hari, ay hari ng mga hari, na pinagbigyan
ng Dios sa langit ng kaharian, ng kapangyarihan, at ng
kalakasan, at ng kaluwalhatian; **38** At alin mang tinatahanan
ng mga anak ng mga tao, ng mga hayop sa parang at ng
mga ibon sa himpapawid ay ibinigay sa iyong kamay, at
pinapagpuno ka sa kanilang lahat: ikaw ang ulo na ginto.
**39** At pagkatapos mo ay babangon ang ibang kaharian na
mababa sa iyo; at ang ibang ikatlong kaharian na tanso na
magpupuno sa buong lupa. **40** At ang ikaapat na kaharian
ay magiging matibay na parang bakal, palibhasa'y ang bakal

ay nakadudurog at nakapagpapasuko ng lahat na bagay; at
kung paanong dinidikdik ng bakal ang lahat ng ito, siya'y
magkakaputolputol at madidikdik. 41 At yamang iyong nakita
na ang mga paa at mga daliri, ang isang bahagi ay putik
na luto ng magpapalyok, at ang isang bahagi ay bakal,
ay magiging kahariang hati; nguni't magkakaroon yaon ng
kalakasan ng bakal, yamang iyong nakita na ang bakal ay
nahahalo sa putik na luto. 42 At kung paanong ang mga
daliri ng paa ay bakal ang isang bahagi at ang isang bahagi
ay putik, magkakagayon ang kaharian na ang isang bahagi
ay matibay, at isang bahagi ay marupok. 43 At yamang
iyong nakita na ang bakal ay nahahaluan ng putik na luto,
sila'y magkakahalo ng lahi ng mga tao; nguni't hindi sila
magkakalakipan, gaya ng bakal na hindi lumalakip sa putik.
44 At sa mga kaarawan ng mga haring yaon ay maglalagay
ang Dios sa langit ng isang kaharian, na hindi magigiba
kailan man, o ang kapangyarihan man niyao'y iiwan sa ibang
bayan; kundi pagpuputolputulin at lilipulin niya ang lahat na
kahariang ito, at yao'y lalagi magpakailan man. 45 Yamang
iyong nakita na ang isang bato ay natibag sa bundok, hindi
ng mga kamay, at pumutol ng mga bakal, ng tanso, ng putik,
ng pilak, at ng ginto; ipinaalam ng dakilang Dios sa hari kung
ano ang mangyayari sa haharapin: at ang panaginip ay tunay
at ang pagkapaaninaw niyao'y tapat. 46 Nang magkagayo'y
ang haring Nabucodonosor ay nagpatirapa, at sumamba kay
Daniel, at nagutos na sila'y maghandog ng alay at ng may
masarap na amoy sa kaniya. 47 Ang hari ay sumagot kay
Daniel, at nagsabi, Sa katotohanan ang inyong Dios ay Dios
ng mga dios, at Panginoon ng mga hari, at tagapaghayag ng
mga lihim, yamang ikaw ay nakapaghayag ng lihim na ito. 48
Nang magkagayo'y pinadakila ng hari si Daniel, at binigyan
siya ng maraming dakilang kaloob, at pinapagpuno siya sa
buong lalawigan ng Babilonia, at pinapaging pangulo ng
mga tagapamahala sa lahat na pantas sa Babilonia. 49 At si
Daniel ay humiling sa hari, at kaniyang inihalal, si Sadrach,
si Mesach, at si Abed-nego, sa mga gawain sa lalawigan ng
Babilonia; nguni't si Daniel ay nasa pintuang-daan ng hari.

**3** Si Nabucodonosor na hari ay gumawa ng isang larawang
ginto na ang taas ay anim na pung siko, at ang luwang
niyao'y anim na siko: kaniyang itinayo sa kapatagan ng Dura,
sa lalawigan ng Babilonia. 2 Nang magkagayo'y nagsugo si
Nabucodonosor na hari upang pisanin ang mga satrapa,
ang mga kinatawan, at ang mga gobernador, ang mga
hukom, ang mga tagaingat-yaman, ang mga kasangguni,
ang mga pinuno, at ang lahat na pinuno sa mga lalawigan
upang magsiparoon sa pagtatalaga ng larawan na itinayo
ni Nabucodonosor na hari. 3 Nang magkagayo'y ang mga
satrapa, ang mga kinatawan, at ang mga gobernador,
ang mga hukom, ang mga tagaingat-yaman, ang mga
kasangguni, ang mga pinuno at lahat ng pinuno sa mga
lalawigan, ay nagpisan sa pagtatalaga ng larawan na itinayo
ni Nabucodonosor na hari; at sila'y nagsitayo sa harap ng
larawan na itinayo ni Nabucodonosor. 4 Nang magkagayo'y
ang tagapagtanyag ay sumigaw ng malakas, Sa inyo'y
iniuutos, Oh mga bayan, mga bansa, at mga wika, 5 Na
sa anomang oras na inyong marinig ang tunog ng korneta,
ng plauta, ng alpa, ng sambuko, ng salterio, ng gaita, at
ng lahat na sarisaring panugtog, kayo'y mangagpatirapa at
magsisamba sa larawang ginto na itinayo ni Nabucodonosor
na hari; 6 At sinoman na hindi magpatirapa at sumamba sa
oras na yaon ay ihahagis sa gitna ng mabangis na hurnong
nagniningas. 7 Kaya't sa oras na yaon, pagkarinig ng buong
bayan ng tunog ng korneta, ng plauta, ng alpa, ng sambuko,
ng salterio, at ng lahat na sarisaring panugtog, lahat na
bayan, mga bansa, at mga wika, ay nangagpatirapa at
nagsisamba sa larawang ginto na itinayo ni Nabucodonosor
na hari. 8 Dahil dito sa oras na yaon ay nagsilapit ang ilang
taga Caldea, at nagsumbong laban sa mga Judio. 9 Sila'y
nagsisagot, at nangagsabi kay Nabucodonosor na hari,
Oh hari, mabuhay ka magpakailan man. 10 Ikaw, Oh hari,
nagpasiya, na bawa't tao na makarinig ng tunog ng korneta,
ng plauta, ng alpa, ng sambuko, ng salterio, ng gaita, at ng
lahat na sarisaring panugtog, ay magpapatirapa, at sasamba
sa larawang ginto. 11 At sinomang hindi magpatirapa at
sumamba, ihahagis sa gitna ng mabangis na hurnong
nagniningas. 12 May ilang Judio na iyong inihalal sa mga
gawain sa lalawigan ng Babilonia na si Sadrach, si Mesach,
at si Abed-nego; ang mga lalaking ito, Oh hari, ay hindi
ka pinakundanganan: sila'y hindi nangaglilingkod sa iyong
mga dios, ni nagsisisamba man sa larawang ginto na
iyong itinayo. 13 Nang magkagayo'y sa poot at pusok ni
Nabucodonosor, ay nagutos na dalhin si Sadrach, si Mesach,
at si Abed-nego. Kanila ngang dinala ang mga lalaking ito
sa harap ng hari. 14 Si Nabucodonosor ay sumagot, at
nagsabi sa kanila, Sinasadya nga ba ninyo, Oh Sadrach,
Mesach, at Abed-nego, na kayo'y hindi mangaglilingkod
sa aking dios, ni magsisisamba man sa larawang ginto
na aking itinayo? 15 Kung kayo nga'y magsihanda sa
panahong inyong marinig ang tunog ng korneta, ng plauta,
ng alpa, ng sambuko, ng salterio, ng gaita, at ng lahat na
sarisaring panugtog, na mangagpatirapa at magsisamba
sa larawan na aking ginawa, mabuti: nguni't kung kayo'y
hindi magsisamba, kayo'y ihahagis sa oras ding yaon sa
gitna ng mabangis na hurnong nagniningas; at sinong dios
ang magliligtas sa inyo sa aking kamay? 16 Si Sadrach,
si Mesach, at si Abed-nego, ay nagsisagot, at nangagsabi
sa hari, Oh Nabucodonosor, kami ay walang kailangan na
magsisagot sa iyo sa bagay na ito. 17 Narito, ang aming

Dios na aming pinaglilingkuran ay makapagliligtas sa amin
sa mabangis na hurnong nagniningas; at ililigtas niya kami
sa iyong kamay, Oh hari. **18** Nguni't kung hindi, talastasin
mo, Oh hari, na hindi kami mangaglilingkod sa iyong mga
dios, ni magsisisamba man sa larawang ginto na iyong
itinayo. **19** Nang magkagayo'y napuspos ng kapusukan si
Nabucodonosor, at ang anyo ng kaniyang mukha ay nagbago
laban kay Sadrach, kay Mesach, at kay Abed-nego: kaya't
siya'y nagsalita, at nagutos na kanilang paiinitin ang hurno
ng makapito na higit kay sa dating pagiinit. **20** At kaniyang
inutusan ang ilang malakas na lalake na nangasa kaniyang
hukbo na gapusin si Sadrach, si Mesach, at si Abed-nego, at
sila'y ihagis sa mabangis na hurnong nagniningas. **21** Nang
magkagayo'y ang mga lalaking ito'y tinalian na may mga
suot, may tunika, at may balabal, at may kanilang ibang mga
kasuutan, at sila'y inihagis sa gitna ng mabangis na hurnong
nagniningas. **22** Sapagka't ang utos ng hari ay madalian, at
ang hurno ay totoong mainit, napatay ng liyab ng apoy ang
mga lalaking yaon na nagsibuhat kay Sadrach, kay Mesach,
at kay Abed-nego. **23** At ang tatlong lalaking ito, si Sadrach,
si Mesach, at si Abed-nego, ay nagsibagsak na nagagapos
sa gitna ng mabangis na hurnong nagniningas. **24** Nang
magkagayo'y si Nabucodonosor na hari ay nagtaka, at
tumindig na madali: siya'y nagsalita at nagsabi sa kaniyang
mga kasangguni, Di baga ang ating inihagis ay tatlong
gapos na lalake sa gitna ng apoy? Sila'y nagsisagot, at
nangagsabi sa hari, Totoo, Oh hari. **25** Siya'y sumagot,
at nagsabi, Narito, aking nakikita ay apat na lalake na
hindi gapos na nagsisilakad sa gitna ng apoy, at sila'y
walang paso; at ang anyo ng ikaapat ay kawangis ng
isang anak ng mga dios. **26** Nang magkagayo'y lumapit
si Nabucodonosor sa bunganga ng mabangis na hurnong
nagniningas: siya'y nagsalita, at nagsabi, Sadrach, Mesach,
at Abed-nego, kayong mga lingkod ng Kataastaasang Dios,
kayo'y magsilabas at magsiparito. Nang magkagayo'y si
Sadrach, si Mesach, at si Abed-nego, ay nagsilabas mula sa
gitna ng apoy. **27** At ang mga satrapa, ang mga kinatawan,
at ang mga gobernador, at ang mga kasangguni ng hari na
nangagkakapisan ay nakakita sa mga lalaking ito, na ang
apoy ay hindi tumalab sa kanilang mga katawan, ni ang mga
buhok man ng kanilang mga ulo ay nasunog, ni ang kanila
mang mga suot ay nabago, ni nagamoy apoy man sila. **28** Si
Nabucodonosor ay nagsalita at nagsabi, Purihin ang Dios
ni Sadrach, ni Mesach, at ni Abed-nego, na nagsugo ng
kaniyang anghel, at nagligtas sa kaniyang mga lingkod na
nagsitiwala sa kaniya, at binago ang salita ng hari, at ibinigay
ang kanilang mga katawan, upang sila'y hindi maglingkod ni
sumamba sa kanino mang dios, liban sa kanilang sariling
Dios. **29** Kaya't nagpapasiya ako, na bawa't bayan, bansa,
at wika, na magsalita ng anomang kapulaan laban sa Dios
ni Sadrach, ni Mesach, at ni Abed-nego, pagpuputolputulin,
at ang kanilang mga bahay ay gagawing dumihan: sapagka't
walang ibang dios na makapagliligtas ng ganitong paraan.
**30** Nang magkagayo'y pinaginhawa ng hari si Sadrach, si
Mesach, at si Abed-nego, sa lalawigan ng Babilonia.

**4** Si Nabucodonosor na hari, sa lahat na bayan, bansa,
at wika, na nagsisitahan sa buong lupa: Kapayapaa'y
managana sa inyo. **2** Inaakala kong mabuti na ipahayag
ang mga tanda at mga kababalaghan na ginawa sa akin ng
Kataastaasang Dios. **3** Kay dakila ang kaniyang mga tanda!
at pagka makapangyarihan ng kaniyang mga kababalaghan!
ang kaniyang kaharian ay walang hanggang kaharian, at
ang kaniyang kapangyarihan ay sa sali't saling lahi. **4**
Akong si Nabucodonosor ay nagpapahinga sa aking bahay,
at gumiginhawa sa aking palasio. **5** Ako'y nakakita ng
isang pangitain na tumakot sa akin; at ang pagiisip ko
sa aking higaan at ang mga pangitain na suma aking
ulo ay bumagabag sa akin. **6** Kaya't nagpasiya ako na
iharap sa akin ang lahat na pantas sa Babilonia, upang
kanilang maipaaninaw sa akin ang kahulugan ng panaginip.
**7** Nang magkagayo'y nagsidating ang mga mahiko, ang mga
enkantador, ang mga Caldeo, at ang mga manghuhula;
at isinaysay ko ang panaginip sa harap nila; nguni't hindi
nila maipaaninaw sa akin ang kahulugan niyaon. **8** Nguni't
sa kahulihuliha'y dumating sa harap ko si Daniel, na ang
pangala'y Beltsasar, ayon sa pangalan ng aking dios, at
siyang kinaroroonan ng espiritu ng mga banal na dios: at
aking isinaysay ang panaginip sa harap niya, na aking
sinasabi, **9** Oh Beltsasar, na pangulo ng mga mahiko,
sapagka't talastas ko na ang espiritu ng mga banal na dios
ay sumasaiyo, at walang lihim na bumabagabag sa iyo,
isaysay mo sa akin ang mga pangitain ng aking panaginip na
aking nakita, at ang kahulugan niyaon. **10** Ganito ang mga
pangitain ng aking ulo sa aking higaan, Ako'y tumitingin, at
narito, ang isang punong kahoy sa gitna ng lupa, at ang
taas niyao'y di kawasa. **11** Ang punong kahoy ay lumaki, at
tumibay, at ang taas niyao'y umaabot hanggang sa langit, at
ang tanaw niyaon hanggang sa wakas ng buong lupa. **12**
Ang mga dahon niyao'y magaganda, at ang bunga niyao'y
marami, at pagkain sa lahat; ang mga hayop sa parang ay
may lihim sa ilalim niyaon, at ang mga ibon sa himpapawid
ay nagsisitahan sa mga sanga niyaon, at ang lahat na laman
ay nangabubusog doon. **13** May nakita ako sa mga pangitain
ng aking ulo sa aking higaan, at, narito, isang bantay at
isang banal ay bumaba mula sa langit. **14** Siya'y sumigaw ng
malakas, at nagsabi ng ganito, Ibuwal ang kahoy, at putulin
ang mga sanga niyan, lagasin ang mga dahon niyan, at
isambulat ang mga bunga niyan: paalisin ang mga hayop sa

ilalim niyan, at ang mga ibon sa mga sanga niyan. **15** Gayon
ma'y inyong iwan ang tuod ng kaniyang mga ugat sa lupa, na
magkatali ng bakal at tanso, sa murang damo sa parang; at
bayaang mabasa siya ng hamog ng langit, at makasalo siya
ng mga hayop sa damo sa lupa: **16** Bayaang ang kaniyang
puso na pusong tao ay mapalitan at ang puso ng hayop ay
mabigay sa kaniya; at mangyaring makapito sa kaniya. **17**
Ang hatol ay sa pamamagitan ng pasiya ng mga bantay,
at ang utos ay sa pamamagitan ng salita ng mga banal;
upang makilala ng mga may buhay na ang Kataastaasan ay
nagpupuno sa kaharian ng mga tao, at ibinibigay niya ito sa
kanino mang kaniyang ibigin, at itinataas niya sa kaniya ang
pinakamababa sa mga tao. **18** Akong si Nabucodonosor na
hari ay nakakita ng panaginip na ito: at ikaw, Oh Beltsasar,
ipahayag ang kahulugan, sapagka't lahat na pantas sa aking
kaharian ay hindi makapagpaaninaw sa akin ng kahulugan;
nguni't maipaaaninaw mo; sapagka't ang espiritu ng mga
banal na dios ay sumasa iyo. **19** Nang magkagayo'y si
Daniel na ang pangala'y Beltsasar, natigilang sangdali, at
binagabag siya ng kaniyang mga pagiisip. Ang hari ay
sumagot, at nagsabi, Beltsasar, huwag kang bagabagin ng
panaginip, o ng kahulugan. Si Beltsasar ay sumagot, at
nagsabi, Panginoon ko, ang panaginip ay mangyari nawa
sa napopoot sa iyo, at ang kahulugan niyao'y mangyari
nawa sa iyong mga kaaway, **20** Ang punong kahoy na iyong
nakita na tumutubo, at tumitibay na ang taas ay umaabot
sa langit, at ang tanaw niyao'y sa buong lupa; **21** Na ang
mga daho'y magaganda, at ang bunga niyao'y marami, at
pagkain sa lahat; na ang lilim ay tinatahanan ng mga hayop
sa parang, at ang kaniyang mga sanga'y dinadapuan ng
mga ibon sa himpapawid: **22** Ay ikaw, Oh hari, na lumalaki at
nagiging malakas; sapagka't ang iyong kadakilaan ay lumaki,
at umaabot hanggang sa langit, at ang iyong kapangyarihan
ay hanggang sa wakas ng lupa. **23** At yamang nakita ng
hari ang isang bantay at isang banal na bumababa mula
sa langit, at nagsasabi, Ibuwal ninyo ang punong kahoy, at
inyong lipulin; gayon ma'y itira ninyo ang tuod ng mga ugat
niyaon sa lupa na magkatali ng bakal at tanso, sa murang
damo sa parang, at bayaang mabasa siya ng hamog ng
langit, at makasalo siya ng mga hayop sa parang, hanggang
sa mangyari sa kaniya na makapito; **24** Ito ang kahulugan,
Oh hari, at siyang pasiya ng kataastaasan na sumapit sa
aking panginoon na hari: **25** Na ikaw ay mahihiwalay sa mga
tao, at ang iyong tahanan ay mapapasama sa mga hayop sa
parang, at ikaw ay pakakanin ng damo na gaya ng mga
baka, at mababasa ka ng hamog ng langit, at makapitong
mangyayari sa iyo; hanggang sa iyong maalaman na ang
kataastaasan ay nagpupuno sa kaharian ng mga tao, at
nagbibigay niyaon sa kanino mang ibigin niya. **26** At yamang
kanilang iniutos na iwan ang tuod ng mga ugat ng kahoy;
ang iyong kaharian ay tunay na magiging iyo, pagkatapos na
iyong maalaman na ang mga langit ay nagpupuno. **27** Kaya't,
Oh hari, tanggapin mo ang aking payo, at lansagin mo ng
katuwiran ang iyong mga kasalanan, at ng pagpapakita
ng kaawaan sa dukha ang iyong katampalasanan; baka
sakaling ikatibay ng iyong katiwasayan. **28** Lahat ng ito'y
sumapit sa haring Nabucodonosor. **29** Sa katapusan ng
labing dalawang buwan ay lumalakad siya sa palacio ng
hari sa Babilonia. **30** Ang hari ay nagsalita, at nagsabi,
Hindi baga ito ang dakilang Babilonia na aking itinayo na
pinaka tahanang hari, sa pamamagitan ng lakas ng aking
kapangyarihan at sa ikaluluwalhati ng aking kamahalan?
**31** Samantalang ang salita ay nasa bibig pa ng hari, ay
may isang tinig na nanggaling sa langit, na nagsasabi,
Oh haring Nabucodonosor, sa iyo'y sinalita: Ang kaharian
ay mahihiwalay sa iyo. **32** At ikaw ay palalayasin sa mga
tao; at ang iyong tahanan ay mapapasama sa mga hayop
sa parang; ikaw ay pakakanin ng damo na gaya ng mga
baka; at makapitong mangyayari sa iyo; hanggang sa
iyong maalaman na ang Kataastaasan ay nagpupuno sa
kaharian ng mga tao, at ibinibigay sa kanino mang kaniyang
ibigin. **33** Nang oras ding yaon ay natupad ang bagay
kay Nabucodonosor: at siya'y pinalayas sa mga tao, at
kumain ng damo na gaya ng mga baka, at ang kaniyang
katawan ay nabasa ng hamog ng langit, hanggang sa ang
kaniyang buhok ay lumagong parang balahibo ng mga
aguila, at ang kaniyang mga kuko ay parang mga kuko ng
mga ibon. **34** At sa katapusan ng mga kaarawan, akong si
Nabucodonosor ay nagtaas ng aking mga mata sa langit,
at ang aking unawa ay nanumbalik sa akin, at aking pinuri
ang Kataastaasan, at aking pinuri at pinarangalan ko siya
na nabubuhay magpakailan man; sapagka't ang kaniyang
kapangyarihan ay walang hanggang kapangyarihan, at ang
kaniyang kaharian ay sa sali't saling lahi; **35** At ang lahat
na mananahan sa lupa ay nabilang sa wala; at kaniyang
ginagawa ang ayon sa kaniyang kalooban sa hukbo ng langit,
at sa mga mananahan sa lupa; at walang makahahadlang
sa kaniyang kamay, o makapagsasabi sa kaniya, Anong
ginagawa mo? **36** Sa oras ding yaon ay nanumbalik sa akin
ang aking unawa; at sa ikaluluwalhati ng aking kaharian, ay
nanumbalik sa akin ang aking kamahalan at kakinangan; at
hinanap ako ng aking mga kasangguni at mga mahal na tao;
at ako'y natatag sa aking kaharian, at marilag na kadakilaan
ay nadagdag sa akin. **37** Ngayo'y akong si Nabucodonosor
ay pumupuri, at nagbubunyi, at nagpaparangal sa Hari ng
langit; sapagka't ang lahat niyang gawa ay katotohanan, at
ang kaniyang mga daan ay kahatulan; at yaong nagsisilakad
sa kapalaluan ay kaniyang mapabababa.

**5** Si Belsasar na hari ay gumawa ng malaking piging sa
isang libo na kaniyang mga mahal na tao, at uminom
ng alak sa harap ng sanglibo. **2** Samantalang nilalasap ni
Belsasar ang alak, ay nagutos na dalhin doon ang mga ginto
at pilak na sisidlan na kinuha ni Nabucodonosor na kaniyang
ama sa templo na nasa Jerusalem; upang mainuman ng
hari, ng kaniyang mga mahal na tao, ng kaniyang mga
asawa, at ng kaniyang mga babae. **3** Nang magkagayo'y
dinala nila ang mga gintong sisidlan na kinuha sa templo ng
bahay ng Dios na nasa Jerusalem; at ininuman ng hari at ng
kaniyang mga mahal na tao, at ng kaniyang mga asawa at
ng kaniyang mga babae. **4** Sila'y nangaginuman ng alak,
at nagsipuri sa mga dios na ginto, at pilak, tanso, bakal,
kahoy, at bato. **5** Nang oras ding yaon ay may lumabas na
mga daliri ng kamay ng isang tao at sumulat sa tapat ng
kandelero sa panig na may palitada ng palacio: at nakita ng
hari ang bahagi ng kamay na sumulat. **6** Nang magkagayo'y
nagbago ang pagmumukha ng hari, at binagabag siya ng
kaniyang mga pagiisip; at ang pagkakasugpong ng kaniyang
mga balakang ay nakalag, at ang kaniyang mga tuhod
ay nagkaumpugan. **7** Ang hari ay sumigaw ng malakas,
na papasukin ang mga enkantador, mga Caldeo, at mga
manghuhula. Ang hari ay nagsalita, at nagsabi sa mga
pantas sa Babilonia, Sinomang makababasa ng sulat na
ito, at makapagpapaaninaw sa akin ng kahulugan niyan,
magdadamit ng kulay morado, at magkakaroon ng kuwintas
na ginto sa palibot ng kaniyang leeg, at magiging ikatlong
puno sa kaharian. **8** Nang magkagayo'y nagsipasok ang
lahat na pantas ng hari; nguni't hindi nila nabasa ang sulat,
o naipaaninaw man sa hari ang kahulugan niyaon. **9** Nang
magkagayo'y nabagabag na mainam ang haring Belsasar, at
ang kaniyang pagmumukha ay nabago, at ang kaniyang
mga mahal na tao ay nangatitigilan. **10** Ang reina, dahil sa
mga salita ng hari at ng kaniyang mga mahal na tao ay
pumasok sa bahay na pinagpigingan: ang reina ay nagsalita,
at nagsabi, Oh hari, mabuhay ka magpakailan man; huwag
kang bagabagin ng iyong mga pagiisip, o mabago man
ang iyong pagmumukha. **11** May isang lalake sa iyong
kaharian na kinaroroonan ng espiritu ng mga banal na dios;
at sa mga kaarawan ng iyong ama, ay nasumpungan sa
kaniya ang liwanag at unawa at karunungan, na gaya ng
karunungan ng mga dios; at ang haring Nabucodonosor,
na iyong ama, ang hari, sinasabi ko, ang iyong ama, ay
ginawa niya siyang panginoon ng mga mago, ng mga
enkantador, ng mga Caldeo, at ng mga manghuhula; **12**
Palibhasa'y isang marilag na espiritu, at kaalaman, at unawa,
pagpapaaninaw ng mga panaginip, at pagpapakilala ng mga
malabong salita, at pagpapaliwanag ng pagaalinlangan, ay
nangasumpungan sa Daniel na iyan, na pinanganlan ng hari
na Beltsasar. Tawagin nga si Daniel, at kaniyang ipaaaninaw
ang kahulugan. **13** Nang magkagayo'y dinala si Daniel
sa harap ng hari. Ang hari ay nagsalita, at nagsabi kay
Daniel, Ikaw baga'y si Daniel na sa mga anak ng pagkabihag
sa Juda, na kinuha sa Juda ng haring aking ama? **14**
Nabalitaan kita, na ang espiritu ng mga dios ay sumasa
iyo, at ang liwanag at unawa at marilag na karunungan ay
masusumpungan sa iyo. **15** At ang mga pantas nga, ang
mga enkantador, dinala sa harap ko, upang kanilang basahin
ang sulat na ito, at ipaaninaw sa akin ang kahulugan; nguni't
hindi nila naipaaninaw ang kahulugan ng bagay. **16** Nguni't
nabalitaan kita, na ikaw ay makapagpapaaninaw ng mga
kahulugan, at makapagpapaliwanag ng alinlangan: kung
iyo ngang mabasa ang sulat, at maipaaninaw sa akin ang
kahulugan, mananamit ka ng kulay morado, at magkakaroon
ng kuwintas na ginto sa palibot ng iyong leeg, at ikaw ay
magiging ikatlong puno sa kaharian. **17** Nang magkagayo'y
sumagot, at nagsabi si Daniel sa harap ng hari, Iyo na ang
iyong mga kaloob, at ibigay mo ang iyong mga ganting pala
sa iba; gayon ma'y aking babasahin sa hari ang sulat, at
ipaaninaw ko sa kaniya ang kahulugan. **18** Oh ikaw na hari,
ang Kataastaasang Dios, nagbigay kay Nabucodonosor na
iyong ama ng kaharian, at kadakilaan, at kaluwalhatian, at
kamahalan: **19** At dahil sa kadakilaan na ibinigay niya sa
kaniya, nanginig at natakot sa harap niya lahat ng mga bayan,
bansa, at wika: ang kaniyang ibiging patayin ay kaniyang
pinapatay, at ang kaniyang ibiging buhayin ay kaniyang
binubuhay; at ang ibiging itaas ay kaniyang itinataas, at ang
ibiging ibaba ay kaniyang ibinababa. **20** Nguni't nang ang
kaniyang puso ay magpakataas, at ang kaniyang espiritu ay
magmatigas na siya'y gumawang may kapalaluan, siya'y
ibinaba sa kaniyang luklukang pagkahari, at inalis nila ang
kaniyang kaluwalhatian: **21** At siya'y pinalayas sa mga anak
ng mga tao, at ang kaniyang puso ay naging gaya ng sa mga
hayop, at ang kaniyang tahanan ay napasama sa maiilap na
mga asno; siya'y pinakain ng damo na gaya ng mga baka,
at ang kaniyang katawan ay nabasa ng hamog ng langit;
hanggang sa kaniyang naalaman na ang Kataastaasang
Dios ay nagpupuno sa kaharian ng mga tao, at iniluklok
niya roon ang sinomang kaniyang ibigin. **22** At ikaw na
kaniyang anak, Oh Belsasar, hindi mo pinapagpakumbaba
ang iyong puso, bagaman iyong nalalaman ang lahat na ito,
**23** Kundi ikaw ay nagpakataas laban sa Panginoon ng langit;
at kanilang dinala ang mga kasangkapan ng kaniyang bahay
sa harap mo, at ikaw, at ang iyong mga mahal na tao, ang
iyong mga asawa at ang iyong mga babae, ay nagsiinom ng
alak sa mga yaon; at iyong pinuri ang mga dios na pilak, at
ginto, tanso, bakal, kahoy at bato, na hindi nangakakakita, o
nangakakarinig man, o nakakaalam man; at ang Dios na

kinaroroonan ng iyong hininga, at kinaroroonan ng lahat na
iyong lakad, hindi mo niluwalhati. 24 Nang magkagayo'y ang
bahagi nga ng kamay ay sinugo mula sa harap niya, at ang
sulat na ito'y nalagda. 25 At ito ang sulat na nalagda, MENE,
MENE, TEKEL, UPHARSIN. 26 Ito ang kahulugan ng bagay:
MENE; binilang ng Dios ang iyong kaharian, at niwakasan.
27 TEKEL; ikaw ay tinimbang sa timbangan, at ikaw ay
nasumpungang kulang. 28 PERES; ang iyong kaharian ay
hinati at ibinigay sa mga taga Media at taga Persia. 29 Nang
magkagayo'y nagutos si Belsasar, at pinanamit nila si Daniel
ng kulay morado, at nilagyan ng kuwintas na ginto sa palibot
ng leeg niya, at nagtanyag tungkol sa kaniya, na siya'y
ikatlong puno sa kaharian. 30 Nang gabing yaon ay napatay
si Belsasar na hari ng mga taga Caldea. 31 At tinanggap ni
Dario na taga Media ang kaharian, na noo'y anim na pu't
dalawang taon ang gulang niya.

**6** Minagaling ni Dario na maglagay sa kaharian ng isang
daan at dalawang pung satrapa, na doroon sa buong
kaharian; 2 At sa kanila'y tatlong pangulo, na si Daniel ay isa;
upang ang mga satrapang ito ay mangagbigay-alam sa kanila,
at upang ang hari ay huwag magkaroon ng kapanganiban. 3
Nang magkagayo'y ang Daniel na ito ay natangi sa mga
pangulo at sa mga satrapa, sapagka't isang marilag na
espiritu ay nasa kaniya; at inisip ng hari na ilagay siya sa
buong kaharian. 4 Nang magkagayo'y ang mga pangulo
at ang mga satrapa ay nagsihanap ng maisusumbong
laban kay Daniel, tungkol sa kaharian; nguni't hindi sila
nangakasumpong ng anomang kadahilanan, ni kakulangan
man, palibhasa'y tapat siya, walang anomang kamalian ni
kakulangan nasumpungan sa kaniya. 5 Nang magkagayo'y
sinabi ng mga lalaking ito, Hindi tayo mangakakasumpong
ng anomang maisusumbong laban sa Daniel na ito, liban
sa tayo'y mangakasumpong laban sa kaniya ng tungkol
sa kautusan ng kaniyang Dios. 6 Nang magkagayo'y ang
mga pangulo at mga satrapang ito ay nagpisan sa hari, at
nagsabi ng ganito sa kaniya, Haring Dario, mabuhay ka
magpakailan man. 7 Ang lahat ng pangulo ng kaharian, ang
mga kinatawan at mga satrapa, ang mga kasangguni at ang
mga gobernador, ay nangagsanggunian upang magtatag ng
isang palatuntunang hari sa kaharian, at upang maglagda ng
isang pasiyang mahigpit, na sinomang humingi ng isang
kahilingan sa kanino mang dios o tao sa loob ng tatlong
pung araw, liban sa iyo, Oh hari, ihahagis sa yungib ng
mga leon. 8 Ngayon, Oh hari, papagtibayin mo ang pasiya,
at lagdaan mo ng iyong pangalan ang kasulatan upang
huwag mabago ayon sa kautusan ng mga taga Media
at mga taga Persia, na hindi nababago. 9 Kaya't ang
kasulatan at ang pasiya ay nilagdaan ng pangalan ng haring
Dario. 10 At nang maalaman ni Daniel na ang kasulatan ay
nalagdaan ng pangalan siya'y pumasok sa kaniyang bahay
(ang kaniya ngang mga dungawan ay bukas sa dakong
Jerusalem); at siya'y lumuhod ng kaniyang mga tuhod na
makaitlo isang araw, at dumalangin, at nagpasalamat sa
harap ng kaniyang Dios, gaya ng kaniyang dating ginagawa.
11 Nang magkagayo'y nagpisan ang mga lalaking ito, at
nasumpungan si Daniel na sumasamo at dumadaing sa
harap ng kaniyang Dios. 12 Nang magkagayo'y lumapit sila,
at nagsalita sa harap ng hari ng tungkol sa pasiya ng hari,
Hindi ka baga naglagda ng pasiya, na bawa't tao na humingi
sa kanino mang dios o tao sa loob ng tatlong pung araw,
liban sa iyo, Oh hari, ihahagis sa yungib ng mga leon? Ang
hari ay sumagot, at nagsabi, Ang bagay ay tunay, ayon
sa kautusan ng mga taga Media at mga taga Persia, na
hindi nababago. 13 Nang magkagayo'y nagsisagot sila, at
nangagsabi sa harap ng hari, Ang Daniel na yaon na sa mga
anak ng nangabihag sa Juda, hindi ka pinakukundanganan,
Oh hari, o ang pasiya man na iyong nilagdaan ng pangalan,
kundi dumadalangin na makaitlo isang araw. 14 Nang marinig
nga ng hari ang mga salitang ito namanglaw na mainam, at
inilagak ang kaniyang puso kay Daniel, upang iligtas siya;
at kaniyang pinagsikapan hanggang sa paglubog ng araw
na iligtas siya. 15 Nang magkagayo'y nagpisan ang mga
lalaking ito sa hari at nagsabi sa hari, Talastasin mo, Oh
hari, na isang kautusan ng mga taga Media, at ng mga taga
Persia, na walang pasiya o palatuntunan man na pinagtitibay
ng hari na mababago. 16 Nang magkagayo'y nagutos ang
hari, at kanilang dinala si Daniel, at inihagis siya sa yungib
ng mga leon. Ang hari nga ay nagsalita, at nagsabi kay
Daniel, Ang iyong Dios na pinaglilingkuran mong palagi,
ay siyang magliligtas sa iyo. 17 At isang bato ay dinala, at
inilagay sa bunganga ng yungib; at tinatakan ng hari ng
kaniyang singsing na panatak, at ng singsing na panatak ng
kaniyang mga mahal na tao; upang walang anomang bagay
ay mababago tungkol kay Daniel. 18 Nang magkagayo'y
umuwi ang hari sa kaniyang palacio, at nagparaan ng buong
gabi na nagaayuno; at wala kahit panugtog ng tugtugin na
dinala sa harap niya: at ang kaniyang pagaantok ay nawala.
19 Nang magkagayo'y bumangong maagang maaga ang
hari, at naparoon na madali sa yungib ng mga leon. 20 At
nang siya'y lumapit sa yungib kay Daniel, siya'y sumigaw ng
taghoy na tinig; ang hari ay nagsalita, at nagsabi kay Daniel,
Oh Daniel, na lingkod ng buhay na Dios, ang iyo bagang
Dios na iyong pinaglilingkurang palagi ay makapagliligtas sa
iyo sa mga leon? 21 Sinabi nga ni Daniel sa hari, Oh hari,
mabuhay ka magpakailan man. 22 Ang Dios ko'y nagsugo
ng kaniyang anghel, at itinikom ang mga bibig ng mga leon,
at hindi nila ako sinaktan; palibhasa'y sa harap niya ay
nasumpungan akong walang sala; at gayon din sa harap

mo, Oh hari, wala akong ginawang kasamaan. 23 Nang
magkagayo'y natuwang mainam ang hari, at ipinagutos
na kanilang isampa si Daniel mula sa yungib. Sa gayo'y
isinampa si Daniel mula sa yungib, at walang anomang
sugat nasumpungan sa kaniya, sapagka't siya'y tumiwala
sa kaniyang Dios. 24 At ang hari ay nagutos, at kanilang
dinala ang mga lalaking yaon na nagsumbong laban kay
Daniel, at sila'y inihagis nila sa yungib ng mga leon, sila
ang kanilang mga anak, at ang kanilang mga asawa; at ang
leon ay nanaig sa kanila, at pinagwaraywaray ang lahat
ng kanilang buto, bago sila dumating sa kaloobloob ng
yungib. 25 Nang magkagayo'y sumulat ang haring Dario
sa lahat ng mga bayan, bansa, at wika na tumatahan sa
buong lupa; Kapayapaa'y managana sa inyo. 26 Ako'y
nagpapasiya, na sa lahat ng sakop ng aking kaharian
ay magsipanginig at mangatakot ang mga tao sa harap
ng Dios ni Daniel; sapagka't siya ang buhay na Dios, at
namamalagi magpakailan man, at ang kaniyang kaharian ay
hindi magigiba; at ang kaniyang kapangyarihan ay magiging
hanggang sa wakas. 27 Siya'y nagliligtas at nagpapalaya,
at siya'y gumagawa ng mga tanda at mga kababalaghan
sa langit at sa lupa, na siyang nagligtas kay Daniel mula
sa kapangyarihan ng mga leon. 28 Gayon guminhawa ang
Daniel na ito sa paghahari ni Dario, at sa paghahari ni Ciro
na taga Persia.

**7** Nang unang taon ni Belsasar na hari sa Babilonia, ay
nagtaglay si Daniel ng isang panaginip at mga pangitain
ng kaniyang ulo sa kaniyang higaan: nang magkagayo'y
kaniyang isinulat ang panaginip, at isinaysay ang kabuoan
ng mga bagay. 2 Si Daniel ay nagsalita, at nagsabi, May
nakita ako sa aking pangitain sa kinagabihan, at, narito,
ang apat na hangin ng langit ay nagsisihihip sa malaking
dagat. 3 At apat na malaking hayop na magkakaiba ay
nagsiahon mula sa dagat, 4 Ang una'y gaya ng leon, at may
mga pakpak ng aguila: aking minasdan hanggang sa ang
mga pakpak niyao'y nahugot, at ito'y nataas mula sa lupa, at
pinatayo sa dalawang paa na gaya ng isang tao; at puso ng
tao ang nabigay sa kaniya. 5 At, narito, ang ibang hayop, na
ikalawa, na gaya ng isang oso; at lumitaw sa isang tagiliran,
at tatlong tadyang ang nasa kaniyang bibig sa pagitan ng
kaniyang mga ngipin: at sinabi ng mga ito ang ganito sa
kaniya, Bumangon ka, manakmal ka ng maraming laman.
6 Pagkatapos nito'y tumingin ako, at narito ang iba, gaya
ng isang leopardo, na mayroon sa likod niyaon na apat na
pakpak ng ibon; ang hayop ay mayroon din namang apat na
ulo; at binigyan siya ng kapangyarihan. 7 Pagkatapos nito'y
may nakita ako sa pangitain sa gabi, at, narito, ang ikaapat
na hayop, kakilakilabot at makapangyarihan, at totoong
malakas; at may malaking mga ngiping bakal; nananakmal
at lumuluray, at niyuyurakan ng kaniyang mga paa ang
nalabi: at kaiba sa lahat na hayop na una sa kaniya; at
siya'y may sangpung sungay. 8 Aking pinagdilidili ang mga
sungay, at, narito, sumibol sa gitna ng mga yaon ang ibang
sungay, isang munti, na sa harap niyao'y tatlo sa mga unang
sungay ay nabunot sa mga ugat: at, narito, sa sungay na ito
ay may mga mata na parang mga mata ng tao, at isang bibig
na nagsasalita ng mga dakilang bagay. 9 Aking minasdan
hanggang sa ang mga luklukan ay nangaglagay, at isa na
matanda sa mga araw ay nakaupo: ang kaniyang suot,
maputing parang niebe, at ang buhok ng kaniyang ulo ay
parang taganas na lana; ang kaniyang luklukan ay mga
liab na apoy, at ang mga gulong niyaon ay nagniningas na
apoy. 10 Isang mabangis na sigalbo ay lumabas at nagmula
sa harap niya: mga libo libo ang naglilingkod sa kaniya,
at makasangpung libo na sangpung libo ang nagsitayo sa
harap niya: ang kahatulan ay nalagda, at ang mga aklat
ay nangabuksan. 11 Ako'y tumingin nang oras na yaon
dahil sa tinig ng mga dakilang salita na sinalita ng sungay;
ako'y tumingin hanggang sa ang hayop ay napatay, at
ang kaniyang katawan ay nagiba, at siya'y nabigay upang
sunugin sa apoy. 12 At tungkol sa nalabi sa mga hayop,
ang kanilang kapangyarihan ay naalis: gayon ma'y ang
kanilang mga buhay ay humaba sa isang kapanahunan
at isang panahon. 13 Ako'y nakakita sa pangitain sa gabi,
at, narito, lumabas na kasama ng mga alapaap sa langit
ang isang gaya ng anak ng tao, at siya'y naparoon sa
matanda sa mga araw, at inilapit nila siya sa harap niya. 14
At binigyan siya ng kapangyarihan, at kaluwalhatian, at isang
kaharian, upang lahat ng mga bayan, bansa, at mga wika ay
mangaglingkod sa kaniya: ang kaniyang kapangyarihan ay
walang hanggang kapangyarihan, na hindi lilipas, at ang
kaniyang kaharian ay hindi magigiba. 15 Tungkol sa aking si
Daniel, ang aking kalooban ay namanglaw sa loob ng aking
katawan, at binagabag ako ng mga pangitain ng aking ulo.
16 Ako'y lumapit sa isa sa kanila na nakatayo, at itinanong ko
sa kaniya ang katotohanan tungkol sa lahat na ito. Sa gayo'y
kaniyang isinaysay sa akin, at ipinaaninaw niya sa akin ang
kahulugan ng mga bagay. 17 Ang mga dakilang hayop na
ito na apat, ay apat na hari, na magbabangon sa lupa. 18
Nguni't ang mga banal ng Kataastaasan ay magsisitanggap
ng kaharian, at aariin ang kaharian magpakailan man, sa
makatuwid baga'y magpakakailan-kailan man. 19 Nang
magkagayo'y ninasa kong maalaman ang katotohanan
tungkol sa ikaapat na hayop, na kaiba sa lahat ng yaon,
na totoong kakilakilabot, na ang mga ngipin ay bakal, at
ang mga kuko ay tanso; na nananakmal, lumalamuray, at
niyuyurakan ng kaniyang mga paa ang nalabi; 20 At tungkol
sa sangpung sungay na nangasa kaniyang ulo, at sa isa na

sumibol, at sa harap niyao'y nabuwal ang tatlo, sa makatuwid
baga'y yaong sungay na may mga mata, at bibig na nagsalita
ng dakilang mga bagay, na ang anyo ay lalong dakila kay sa
kaniyang mga kasama. **21** Ako'y tumingin, at ang sungay
ding yaon ay nakipagdigma sa mga banal, at nanaig laban
sa kanila; **22** Hanggang sa ang matanda sa mga araw ay
dumating, at ang kahatulan ay ibinigay sa mga banal, ng
Kataastaasan; at ang panaho'y dumating na inari ng mga
banal ang kaharian. **23** Ganito ang sabi niya, Ang ikaapat na
hayop ay magiging ikaapat na kaharian sa ibabaw ng lupa,
na magiging kaiba sa lahat ng kaharian, at sasakmalin ang
buong lupa, at yuyurakan, at pagluluraylurayin. **24** At tungkol
sa sangpung sungay, mula sa kahariang ito ay sangpung
hari ang babangon: at ang isa'y babangong kasunod nila;
at siya'y magiging kaiba kay sa mga una, at kaniyang
ibabagsak ay tatlong hari. **25** At siya'y magbabadya ng mga
salita laban sa Kataastaasan, at lilipulin niya ang mga banal
ng Kataastaasan; at kaniyang iisiping baguhin ang panahon
at ang kautusan; at sila'y mangabibigay sa kaniyang kamay
hanggang sa isang panahon, at mga panahon at kalahati ng
isang panahon. **26** Nguni't ang kahatulan ay matatatag, at
kanilang aalisin ang kaniyang kapangyarihan, upang patayin
at ibuwal hanggang sa wakas. **27** At ang kaharian, at ang
kapangyarihan, at ang kadakilaan ng mga kaharian sa silong
ng buong langit, mabibigay sa bayan ng mga banal ng
Kataastaasan: ang kaniyang kaharian ay walang hanggang
kaharian, at ang lahat na kapangyarihan ay maglilingkod at
tatalima sa kaniya. **28** Narito ang wakas ng bagay. Tungkol
sa aking si Daniel, ay binabagabag akong mabuti ng aking
mga pagiisip, at ang aking pagmumukha ay nabago: nguni't
iningatan ko ang bagay sa aking puso.

**8** Nang ikatlong taon ng paghahari ng haring Belsasar,
ang isang pangitain ay napakita sa akin, sa aking si
Daniel, pagkatapos noong napakita sa akin nang una. **2** At
ako'y may nakita sa pangitain: nangyari nga, na nang aking
makita, nasa Susan ako na palacio, na nasa lalawigan ng
Elam; at ako'y may nakita sa pangitain, at ako'y nasa tabi ng
ilog Ulai. **3** Nang magkagayo'y itiningin ko ang aking mga
mata, at ako'y may nakita, at narito, tumayo sa harap ng
ilog ang isang lalaking tupa na may dalawang sungay: at
ang dalawang sungay ay mataas; nguni't ang isa'y lalong
mataas kay sa isa, at ang lalong mataas ay tumaas na
huli. **4** Aking nakita ang lalaking tupa na nanunudlong sa
dakong kalunuran, at sa dakong hilagaan, at sa dakong
timugan; at walang hayop na makatayo sa harap niya, ni
wala sinoman na makapagligtas mula sa kaniyang kamay;
kundi kaniyang ginawa ang ayon sa kaniyang kalooban,
at nagmalaking mainam. **5** At habang aking ginugunita,
narito, isang kambing na lalake ay nagmula sa kalunuran sa
ibabaw ng buong lupa, at hindi sumayad sa lupa: at ang
lalaking kambing ay may nakagitaw na sungay sa pagitan ng
kaniyang mga mata. **6** At siya'y naparoon sa lalaking tupa na
may dalawang sungay na aking nakitang nakatayo sa harap
ng ilog, at tinakbo niya siya sa kabangisan ng kaniyang
kapangyarihan. **7** At aking nakitang siya'y lumapit sa lalaking
tupa, at siya'y nakilos ng pagkagalit laban sa kaniya, at
sinaktan ang tupa, at binali ang kaniyang dalawang sungay:
at ang lalaking tupa ay walang kapangyarihang makatayo sa
harap niya; kundi kaniyang ibinuwal sa lupa, at kaniyang
niyapakan siya; at walang makapagligtas sa lalaking tupa
mula sa kaniyang kamay. **8** At ang lalaking kambing ay
nagmalaking mainam: at nang siya'y lumakas, ang malaking
sungay ay nabali; at kahalili niyao'y lumitaw ang apat na
marangal na sungay, sa dako ng apat na hangin ng langit. **9**
At mula sa isa sa mga yaon ay lumitaw ang isang maliit
na sungay na dumakilang totoo, sa dakong timugan, at sa
dakong silanganan, at sa dakong maluwalhating lupain. **10**
At lumaking mainam, hanggang sa hukbo sa langit; at ang
ilan sa hukbo at sa mga bituin ay iniwaksi sa lupa, at mga
niyapakan yaon. **11** Oo, nagmalaki, hanggang sa prinsipe
ng hukbo; at inalis niya sa kaniya ang palaging handog na
susunugin, at ang dako ng kaniyang santuario ay ibinagsak.
**12** At ang hukbo ay nabigay sa kaniya na kasama ng palaging
handog na susunugin dahil sa pagsalangsang; at kaniyang
iniwaksi ang katotohanan sa lupa, at gumawa ng kaniyang
maibigan at guminhawa. **13** Nang magkagayo'y narinig ko
ang isang banal na nagsalita; at ibang banal ay nagsabi sa
isang yaon na nagsalita, Hanggang kailan magtatagal ang
pangitain tungkol sa palaging handog na susunugin, at ang
pagsalangsang na sumisira, upang magbigay ng santuario
at ng hukbo upang mayapakan ng paa? **14** At sinabi niya sa
akin, Hanggang sa dalawang libo at tatlong daan na hapon
at umaga; kung magkagayo'y malilinis ang santuario. **15** At
nangyari, nang ako, sa makatuwid baga'y akong si Daniel, ay
makakita ng pangitain, na aking pinagsikapang maunawaan;
at, narito, nakatayo sa harap ko ang isang kawangis ng isang
tao. **16** At narinig ko ang tinig ng isang tao sa pagitan ng
mga pangpang ng Ulai, na tumatawag at nagsasabi, Gabriel,
ipaaninaw mo sa taong ito ang pangitain. **17** Sa gayo'y
lumapit siya sa kinatatayuan ko; at nang siya'y lumapit,
ako'y natakot at napasubasob: nguni't sinabi niya sa akin,
Talastasin mo, Oh anak ng tao; sapagka't ang pangitain ay
ukol sa panahon ng kawakasan. **18** Samantalang siya nga'y
nagsasalita sa akin, ako'y nagupiling sa isang mahimbing na
pagkakatulog na padapa; nguni't hinipo niya ako, at itinayo
ako. **19** At kaniyang sinabi, Narito, aking ipaaaninaw sa iyo
kung ano ang mangyayari sa huling panahon ng pagkagalit;
sapagka't ukol sa takdang panahon ng kawakasan. **20** Ang

lalaking tupa na iyong nakita, na may dalawang sungay,
ang mga yaon ang mga hari sa Media at Persia. 21 At
ang may magaspang na balahibo na lalaking kambing ay
siyang hari sa Grecia: at ang malaking sungay na nasa
pagitan ng kaniyang mga mata ay siyang unang hari. 22 At
tungkol sa nabali, sa dakong tinayuan ng apat, ay apat na
kaharian ang magsisibangon mula sa bansa, nguni't hindi sa
pamamagitan ng kaniyang kapangyarihan. 23 At sa huling
panahon ng kanilang kaharian, pagka ang mananalangsang
ay nagsidating sa kapuspusan, isang hari ay babangon na
may mabagsik na pagmumukha, at nakaunawa ng malabong
salita. 24 At ang kaniyang kapangyarihan ay magiging
dakila, nguni't hindi sa pamamagitan ng kaniyang sariling
kapangyarihan; at siya'y lilipol na kamanghamangha, at
giginhawa, at gagawa ng kaniyang maibigan; at kaniyang
lilipulin ang mga makapangyarihan at ang banal na bayan.
25 At sa kaniyang paraan ay kaniyang palulusugin ang
pagdaraya sa kaniyang kamay; at siya'y magmamalaki ng
kaniyang loob, at sa kanilang ikatitiwasay ay papatay ng
marami: siya'y tatayo rin laban sa prinsipe ng mga prinsipe;
nguni't siya'y mabubuwal hindi ng kamay. 26 At ang pangitain
sa mga hapon at mga umaga na nasaysay ay tunay:
nguni't ilihim mo ang pangitain; sapagka't ukol sa maraming
araw na darating. 27 At akong si Daniel ay nanglupaypay,
at nagkasakit na ilang araw; nang magkagayon ako'y
nagbangon, at ginawa ko ang mga gawain ng hari: at ako'y
natigilan sa pangitain, nguni't walang nakakaunawa.

9 Nang unang taon ni Dario na anak ni Assuero, sa lahi ng
mga taga Media, na ginawang hari sa kaharian ng mga
taga Caldea; 2 Nang unang taon ng kaniyang paghahari
akong si Daniel ay nakaunawa sa pamamagitan ng mga
aklat, ng bilang ng mga taon, na sinalita ng Panginoon kay
Jeremias na propeta, dahil sa pagkaganap ng pagkasira ng
Jerusalem, pitong pung taon. 3 At aking itiningin ang aking
mukha sa Panginoong Dios upang humanap sa pamamagitan
ng panalangin at ng mga samo, ng pagaayuno, at pananamit
ng magaspang, at ng mga abo. 4 At ako'y nanalangin sa
Panginoon kong Dios, at ako'y nagpahayag ng kasalanan,
at nagsabi, Oh Panginoon, Dios na dakila at kakilakilabot,
na nagiingat ng tipan at kaawaan sa nagsisiibig sa iyo at
nangagiingat ng iyong mga utos, 5 Kami ay nangagkasala, at
nangagasal ng kasuwalian, at nagsigawang may kasamaan,
at nanganghimagsik, sa makatuwid baga'y nagsitalikod sa
iyong mga utos at sa iyong mga kahatulan; 6 Na hindi man
kami nangakinig sa iyong mga lingkod na mga propeta, na
nangagsalita sa iyong pangalan sa aming mga hari, sa aming
mga prinsipe, at sa aming mga magulang, at sa buong bayan
ng lupain. 7 Oh Panginoon, katuwira'y ukol sa iyo, nguni't sa
amin ay pagkagulo ng mukha gaya sa araw na ito; sa mga
tao ng Juda, at sa mga nananahan sa Jerusalem, at sa buong
Israel, na malapit, at malayo, sa lahat na lupain na iyong
pinagtabuyan dahil sa kanilang pagsalangsang na kanilang
isinalangsang laban sa iyo. 8 Oh Panginoon, sa amin
nauukol ang pagkagulo ng mukha, sa aming mga hari, sa
aming mga prinsipe, at sa aming mga magulang, sapagka't
kami ay nangagkasala laban sa iyo. 9 Sa Panginoon naming
Dios ukol ang kaawaan at kapatawaran; sapagka't kami ay
nanganghimagsik laban sa kaniya; 10 Ni hindi man namin
tinalima ang tinig ng Panginoon naming Dios, upang lumakad
ng ayon sa kaniyang mga kautusan, na kaniyang inilagay sa
harap namin sa pamamagitan ng kaniyang mga lingkod na
propeta. 11 Oo, buong Israel ay sumalangsang ng iyong
kautusan, sa pagtalikod, upang huwag nilang talimahin ang
iyong tinig: kaya't ang sumpa ay nabuhos sa amin, at ang
sumpa na nakasulat sa kautusan ni Moises na lingkod ng
Dios; sapagka't kami ay nangagkasala laban sa kaniya. 12 At
kaniyang pinagtibay ang kaniyang mga salita, na kaniyang
sinalita laban sa amin, at laban sa aming mga hukom na
nagsihatol sa amin, sa pagbabagsak sa amin ng malaking
kasamaan; sapagka't sa silong ng buong langit ay hindi
ginawa ang gaya ng ginawa sa Jerusalem. 13 Kung ano ang
nasusulat sa kautusan ni Moises, lahat ng kasamaang ito'y
nagsidating sa amin: gayon ma'y hindi namin idinalangin ang
biyaya ng Panginoon naming Dios, upang aming talikuran ang
aming mga kasamaan, at gunitain ang iyong katotohanan. 14
Kaya't iniingatan ng Panginoon ang kasamaan, at ibinagsak
sa amin; sapagka't ang Panginoon naming Dios ay matuwid
sa lahat ng kaniyang mga gawa na kaniyang ginagawa, at
hindi namin dininig ang kaniyang tinig. 15 At ngayon, Oh
Panginoon naming Dios, na naglabas ng iyong bayan mula
sa lupain ng Egipto sa pamamagitan ng makapangyarihang
kamay, at ikaw ay nabantog gaya sa araw na ito; kami ay
nangagkasala, kami ay nagsigawa na may kasamaan. 16 Oh
Panginoon, ayon sa iyong buong katuwiran, isinasamo ko sa
iyo, na ang iyong galit at kapusukan ay mahiwalay sa iyong
bayang Jerusalem, na iyong banal na bundok; sapagka't
dahil sa aming mga kasalanan, at dahil sa mga kasamaan
ng aming mga magulang, ang Jerusalem at ang iyong
bayan ay naging kakutyaan sa lahat na nangasa palibot
namin. 17 Kaya nga, Oh aming Dios, iyong dinggin ang
panalangin ng iyong lingkod, at ang kaniyang mga samo,
at paliwanagin mo ang iyong mukha sa iyong santuario
na sira, alangalang sa Panginoon. 18 Oh Dios ko, ikiling
mo ang iyong tainga, at iyong dinggin; idilat mo ang iyong
mga mata, at masdan mo ang aming mga kasiraan, at ang
bayan na tinatawag sa iyong pangalan: sapagka't hindi
namin inihaharap ang aming mga samo sa harap mo dahil
sa aming mga katuwiran, kundi dahil sa iyong dakilang mga

kaawaan. 19 Oh Panginoon, dinggin mo; Oh Panginoon,
patawarin mo; Oh Panginoon, iyong pakinggan at gawin;
huwag mong ipagpaliban, alangalang sa iyong sarili, Oh
Dios ko, sapagka't ang iyong bayan at ang iyong mga
tao ay tinatawag sa iyong pangalan. 20 At samantalang
ako'y nagsasalita, at nananalangin, at nagpapahayag ng
aking kasalanan at ng kasalanan ng aking bayang Israel,
at naghaharap ng aking samo sa harap ng Panginoon
kong Dios dahil sa banal na bundok ng aking Dios; 21 Oo,
samantalang ako'y nagsasalita sa panalangin, ang lalaking si
Gabriel, na aking nakita sa pangitain nang una, na pinalipad
ng maliksi, hinipo ako sa panahon ng pagaalay sa hapon.
22 At kaniya akong tinuruan, at nakipagsalitaan sa akin, at
nagsabi, Oh Daniel, ako'y lumabas ngayon upang bigyan ka
ng karunungan at kaunawaan. 23 Sa pasimula ng iyong
mga samo ay lumabas ang utos, at ako'y naparito upang
saysayin sa iyo; sapagka't ikaw ay totoong minahal: kaya't
gunitain mo ang bagay, at unawain mo ang pangitain. 24
Pitong pung sanglinggo ang ipinasiya sa iyong mga tao at sa
iyong banal na bayan, upang tapusin ang pagsalangsang,
at upang wakasan ang pagkakasala, at upang linisin sa
kasamaan, at upang dalhan ng walang hanggang katuwiran,
at upang tatakan ang pangitain at ang panghuhula, at upang
pahiran ang kabanalbanalan. 25 Iyo ngang talastasin at
bulayin, na mula sa paglabas ng utos na isauli at itayo
ang Jerusalem sa pinahiran na prinsipe, magiging pitong
sanglinggo, at anim na pu't dalawang sanglinggo: ito'y
matatayo uli, na may lansangan at kuta, sa makatuwid baga'y
sa mga panahong mabagabag. 26 At pagkatapos ng anim
na pu't dalawang sanglinggo, mahihiwalay ang pinahiran,
at mawawalaan ng anoman: at gigibain ang bayan at ang
santuario ng mga tao ng prinsipeng darating; at ang wakas
niyaon ay sa pamamagitan ng baha, at hanggang sa wakas
ay magkakaroon ng digma; mga pagkasira ay ipinasiya
na. 27 At pagtitibayin niya ang tipan sa marami sa isang
sanglinggo: at sa kalahati ng sanglinggo ay kaniyang ipatitigil
ang hain at ang alay; at sa pakpak ng mga kasuklamsuklam
ay paroroon ang isang maninira; at hanggang sa wakas, at
pagkapasiya ay mabubuhos ang poot sa maninira.

**10** Nang ikatlong taon ni Ciro na hari sa Persia ay
nahayag ang isang bagay kay Daniel, na ang pangala'y
Beltsasar; at ang bagay ay tunay, sa makatuwid baga'y isang
malaking pakikipagbaka; at kaniyang naunawa ang bagay
at nagkaroon ng unawa tungkol sa pangitain. 2 Nang mga
araw na yao'y akong si Daniel ay nanangis na tatlong buong
sanglinggo. 3 Hindi ako kumain ng masarap na tinapay,
ni pumasok man ang karne ni alak man sa aking bibig, ni
naglangis man ako, hanggang sa natapos ang tatlong buong
sanglinggo. 4 At nang ikadalawang pu't apat na araw ng
unang buwan, palibhasa'y ako'y nasa tabi ng malaking ilog,
na siyang Hiddekel. 5 Aking itiningin ang aking mga mata, at
tumanaw, at narito, ang isang lalake na nakapanamit ng
kayong lino, na ang mga balakang ay binigkisan ng taganas
na ginto sa Uphas: 6 Ang kaniyang katawan naman ay gaya
ng berilo, at ang kaniyang mukha ay gaya ng anyo ng kidlat,
at ang kaniyang mga mata ay gaya ng mga liwanag ng
apoy, at ang kaniyang mga kamay at kaniyang mga paa,
ay gaya ng kulay ng pinakintab na tanso, at ang tinig ng
kaniyang mga salita ay gaya ng tinig ng isang karamihan. 7
At akong si Daniel ang nakakitang magisa ng pangitaing
yaon; sapagka't ang mga lalake na kasama ko ay hindi
nangakakita ng pangitain; kundi sumakanila ang isang di
kawasang panginginig, at sila'y nagsitakas upang magsikubli.
8 Sa gayo'y iniwan akong magisa, at nakakita nitong dakilang
pangitain, at nawalan ako ng lakas; sapagka't ang aking
kagandahan ay umuwi sa kasiraan at walang nanatiling
lakas sa akin. 9 Gayon ma'y narinig ko ang tinig ng kaniyang
mga salita; at nang aking marinig ang tinig ng kaniyang
mga salita, ako nga'y nagupiling sa isang mahimbing na
pagkakatulog, na ang aking mukha ay pasubsob. 10 At,
narito, isang kamay ay humipo sa akin, na nagtayo sa
akin sa aking mga tuhod at sa mga palad ng aking mga
kamay. 11 At sinabi niya sa akin, Oh Daniel, ikaw na lalaking
minamahal na mainam, unawain mo ang mga salita na aking
sinasalita sa iyo, at tumayo kang matuwid; sapagka't sa iyo'y
sinugo ako ngayon. At ng kaniyang masalita ang salitang ito
sa akin, ako'y tumayo na nanginginig. 12 Nang magkagayo'y
sinabi niya sa akin, Huwag kang matakot, Daniel; sapagka't
mula nang unang araw na iyong ilagak ang iyong puso na
makaunawa, at magpakababa sa harap ng iyong Dios, ang
iyong mga salita ay dininig: at ako'y naparito alangalang
sa iyong mga salita. 13 Nguni't ang prinsipe ng kaharian
ng Persia ay nakipagpunyagi sa akin na dalawang pu't
isang araw; nguni't, narito, si Miguel ay isa sa mga punong
prinsipe, dumating upang tulungan ako: at ako'y natira doon
na kasama ng mga hari sa Persia. 14 Ngayo'y naparito ako
upang ipatalastas sa iyo kung ano ang mangyayari sa iyong
bayan sa mga huling araw; sapagka't ang pangitain ay ukol
sa maraming mga araw pa. 15 At nang kaniyang masalita sa
akin ang ayon sa mga salitang ito, ay aking itinungo ang
aking mukha sa lupa, at ako'y napipi. 16 At, narito, isang
gaya ng kahawig ng mga anak ng mga tao ay humipo ng
aking mga labi: nang magkagayo'y ibinuka ko ang aking
bibig, at ako'y nagsalita, at nagsabi sa kaniya na tumayo sa
harap ko, Oh panginoon ko, dahil sa pangitain ay nagbalik
sa akin ang aking mga kapanglawan, at hindi nananatili
sa akin ang lakas. 17 Sapagka't paanong makikipagusap
ang lingkod nitong aking panginoon sa panginoon kong ito?

sapagka't tungkol sa akin, ay biglang nawalan ako ng lakas,
ni may naiwan mang hininga sa akin. 18 Nang magkagayo'y
hinipo uli ako roon ng isa na kamukha ng tao, at kaniyang
pinalakas ako. 19 At kaniyang sinabi, Oh taong minamahal
na mainam, huwag kang matakot: kapayapaan ang sumaiyo,
magpakalakas ka, oo, magpakalakas ka. At nang siya'y
magsalita sa akin, ako'y lumakas, at nagsabi, Magsalita ang
aking panginoon; sapagka't iyong pinalakas ako. 20 Nang
magkagayo'y sinabi niya, Talastas mo baga kung bakit ako'y
naparito sa iyo? at ngayo'y babalik ako upang makipaglaban
sa prinsipe sa Persia: at pagka ako'y lumabas, narito, ang
prinsipe sa Grecia ay darating. 21 Nguni't aking sasaysayin
sa iyo ang nakasulat sa kasulatan ng katotohanan: at walang
sinomang tutulong sa akin laban sa mga ito, kundi si Miguel
na inyong prinsipe.

**11** At tungkol sa akin, nang unang taon ni Dario na taga
Media, ako'y tumayo upang patibayin at palakasin siya.
2 At ngayo'y aking ipatatalastas sa iyo ang katotohanan.
Narito, tatayo pa ang tatlong hari sa Persia; at ang ikaapat
ay magiging totoong mayaman kay sa kanilang lahat: at
pagka siya'y lumakas sa kaniyang mga yaman, ay kaniyang
kikilusin ang lahat laban sa kaharian ng Grecia. 3 At isang
makapangyarihang hari ay tatayo, na magpupuno na may
malaking kapangyarihan, at gagawa ng ayon sa kaniyang
kalooban. 4 At pagka tatayo siya ay magigiba ang kaniyang
kaharian, at mababahagi sa apat na hangin ng langit,
nguni't hindi sa kaniyang anak, ni ayon man sa kaniyang
kapangyarihan na kaniyang ipinagpuno; sapagka't ang
kaniyang kaharian ay mabubunot para sa mga iba bukod sa
mga ito. 5 At ang hari sa timugan ay magiging malakas, at ang
isa sa kaniyang mga prinsipe; at siya'y magiging malakas kay
sa kaniya, at magtataglay ng kapangyarihan; ang kaniyang
kapangyarihan ay magiging dakilang kapangyarihan. 6 At sa
katapusan ng mga taon, sila'y magpipipisan; at ang anak na
babae ng hari sa timugan ay paroroon sa hari sa hilagaan
upang gumawa ng pakikipagkasundo: nguni't hindi niya
mapananatili ang lakas ng kaniyang bisig; o siya ma'y tatayo,
o ang bisig man niya; kundi siya'y mabibigay, at yaong mga
nangagdala sa kaniya, at ang nanganak sa kaniya, at ang
nagpalakas sa kaniya sa mga panahong yaon. 7 Nguni't sa
suwi ng kaniyang mga ugat ay tatayo ang isa na kahalili niya
na paroroon sa hukbo, at papasok sa katibayan ng hari sa
hilagaan, at gagawa ng laban sa kanila, at mananaig. 8 At
gayon din ang kanilang mga dios sangpu ng kanilang mga
larawang binubo, at ng kanilang mga mainam na sisidlan
na pilak at ginto ay dadalhing samsam sa Egipto; at siya'y
magluluwat na ilang taon kay sa hari sa hilagaan. 9 At siya'y
paroroon sa kaharian ng hari sa timugan, nguni't siya'y
babalik sa kaniyang sariling lupain. 10 At ang kaniyang mga
anak ay makikipagdigma, at mapipisan ng isang karamihang
malaking hukbo, na magpapatuloy, at aabot, at lalagpas;
at sila'y magsisibalik at makikipagdigma, hanggang sa
kaniyang katibayan. 11 At ang hari sa timugan ay makikilos
ng pagkagalit, at lalabas at makikipaglaban sa kaniya, sa
makatuwid baga'y sa hari sa hilagaan; at siya'y maglalabas
ng malaking karamihan, at ang karamiha'y mabibigay sa
kaniyang kamay. 12 At ang karamihan ay madadala, at ang
kaniyang puso ay magpapalalo; at siya'y magbubuwal ng
libo-libo, nguni't hindi mananaig. 13 At ang hari sa hilagaan
ay babalik, at maglalabas ng isang karamihan na lalong
malaki kay sa una; at siya'y magpapatuloy hanggang sa
wakas ng mga panahon, ng mga taon, na ma'y malaking
hukbo, at maraming kayamanan. 14 At sa mga panahong
yaon ay maraming magsisitayo laban sa hari sa timugan:
gayon din ang mga anak na mangdadahas sa gitna ng
iyong bayan ay magsisibangon upang itatag ang pangitain;
nguni't sila'y mangabubuwal. 15 Sa gayo'y paroroon ang
hari sa hilagaan, at gagawa ng isang bunton, at sasakop
ng isang bayan na nakukutaang mabuti: at ang pulutong
ng timugan ay hindi makatatayo ni ang kaniya mang piling
bayan, ni magtataglay man sila ng anomang kalakasan,
upang tumayo. 16 Nguni't ang dumarating laban sa kaniya,
ay gagawa ng ayon sa sariling kalooban, at walang tatayo
sa harap niya; at siya'y tatayo sa maluwalhating lupain, at
sasa kaniyang kamay ang paglipol. 17 At kaniyang itatanaw
ang kaniyang mukha upang pumaroon na kasama ng lakas
ng kaniyang buong kaharian, at ng mga tapat na kasama
niya; at siya'y gagawa ng mga yaon: at ibibigay niya sa
kaniya ang anak na babae ng mga babae, upang hamakin;
nguni't siya'y hindi tatayo, ni siya'y mapapasa kaniya man.
18 Pagkatapos nito'y kaniyang ipipihit ang kaniyang mukha
sa mga pulo, at sasakop ng marami: nguni't isang prinsipe
ay magpapatigil ng pagkutya niya; oo, bukod dito'y kaniyang
pababalikin ang kaniyang kakutyaan sa kaniya. 19 Kung
magkagayo'y kaniyang ipipihit ang kaniyang mukha sa dako
ng mga kuta ng kaniyang sariling lupain; nguni't siya'y
matitisod at mabubuwal, at hindi masusumpungan. 20 Kung
magkagayo'y tatayo na kahalili niya ang isa na magpaparaan
ng maniningil sa kaluwalhatian ng kaharian; nguni't sa loob
ng kaunting araw ay mapapahamak, na hindi sa kagalitan, o
sa pagbabaka man. 21 At kahalili niya na tatayo ang isang
hamak na tao, na hindi nila pinagbigyan ng karangalan ng
kaharian: nguni't siya'y darating sa panahong katiwasayan,
at magtatamo ng kaharian sa pamamagitan ng mga daya.
22 At sa pamamagitan ng pulutong na huhugos ay mapapalis
sila sa harap niya, at mabubuwal; oo, pati ng prinsipe ng
tipan. 23 At pagkatapos ng pakikipagkasundo sa kaniya,
siya'y gagawang may karayaan; sapagka't siya'y sasampa,

at magiging matibay, na kasama ng isang munting bayan. 24
Sa panahon ng katiwasayan darating siya hanggang sa mga
pinakamainam na dako ng lalawigan; at kaniyang gagawin
ang hindi ginawa ng kaniyang mga magulang, o ng mga
magulang ng kaniyang mga magulang; siya'y magbabahagi
sa kanila ng huli, at samsam, at kayamanan: oo, siya'y
hahaka ng kaniyang mga haka laban sa mga kuta, hanggang
sa takdang panahon. 25 At kaniyang kikilusin ang kaniyang
kapangyarihan at ang kaniyang tapang laban sa hari sa
timugan na may malaking hukbo; at ang hari sa timugan ay
makikipagdigma sa pakikipagbaka na may totoong malaki at
makapangyarihang hukbo; nguni't hindi siya tatayo, sapagka't
sila'y magsisihaka ng mga panukala laban sa kaniya. 26
Oo, silang nagsisikain ng kaniyang masarap na pagkain ay
siyang magpapahamak sa kaniya, at ang kaniyang hukbo
ay mapapalis; at marami ay mabubuwal na patay. 27 At
tungkol sa dalawang haring ito, ang kanilang mga puso
ay magtataglay ng kasamaan, at sila'y mangagsasalita ng
mga kabulaanan sa isang dulang: nguni't hindi giginhawa;
sapagka't ang wakas ay magiging sa panahong takda
pa. 28 Kung magkagayo'y babalik siya sa kaniyang lupain
na may malaking kayamanan; at ang kaniyang puso ay
magiging laban sa banal na tipan; at siya'y gagawa ng
kaniyang maibigan, at babalik sa kaniyang sariling lupain.
29 Sa takdang panahon ay babalik siya, at papasok sa
timugan; nguni't hindi magiging gaya ng una ang huli.
30 Sapagka't mga sasakyan sa Chittim ay magsisiparoon
laban sa kaniya; kaya't siya'y mahahapis, at babalik, at
magtataglay ng galit laban sa banal na tipan, at gagawa ng
kaniyang maibigan: siya nga'y babalik, at lilingapin yaong
nangagpabaya ng banal na tipan. 31 At mga pulutong ay
magsisitayo sa kaniyang bahagi, at kanilang lalapastanganin
ang santuario, sa makatuwid baga'y ang kuta, at aalisin
ang palaging handog na susunugin, at kanilang ilalagay
ang kasuklamsuklam na naninira. 32 At ang gayon na
gumagawa na may kasamaan laban sa tipan, ay mahihikayat
niya sa pamamagitan ng mga daya; nguni't ang bayan
na nakakakilala ng kanilang dios ay magiging matibay,
at gagawa ng kabayanihan. 33 At silang marunong sa
bayan ay magtuturo sa marami; gayon ma'y mangabubuwal
sila sa pamamagitan ng tabak at ng liyab, ng pagkabihag
at ng samsam, na maraming araw. 34 Pagka nga sila'y
mangabubuwal, sila'y tutulungan ng kaunting tulong; nguni't
marami ay magsisipisan sa kanila na may mga daya. 35
At ang ilan sa kanila na pantas ay mangabubuwal, upang
dalisayin sila, at linisin, at paputiin, hanggang sa panahon
ng kawakasan; sapagka't ukol sa panahon pang takda. 36 At
ang hari ay gagawa ng ayon sa kaniyang kalooban; at siya'y
magmamalaki, at magpapakataas ng higit kay sa bawa't dios,
at magsasalita ng mga kagilagilalas na bagay laban sa Dios
ng mga dios; at siya'y giginhawa hanggang sa ang galit ay
maganap; sapagka't ang ipinasiya ay gagawin. 37 Wawaling
bahala niya ang mga dios ng kaniyang mga magulang, o
ang nasa man sa mga babae, o pakukundanganan man ang
sinomang dios; sapagka't siya'y magmamalaki sa lahat. 38
Kundi bilang kahalili ay pararangalan niya ang dios ng mga
katibayan; at isang dios na hindi nakilala ng kaniyang mga
magulang ay kaniyang pararangalan ng ginto, at pilak, at ng
mga mahalagang bato at ng mga maligayang bagay. 39
At siya'y magbabagsak ng mga matibay na kuta sa tulong
ng ibang dios; sinomang kumilala sa kaniya, mananagana
sa kaluwalhatian; at pagpupunuin niya sila sa marami, at
kaniyang babahagihin ang lupa sa halaga. 40 At sa panahon
ng kawakasan ay makikipagkaalit sa kaniya ang hari sa
timugan; at ang hari sa hilagaan ay paroroon laban sa kaniya
na gaya ng isang ipoipo, na may mga karo, at may mga
mangangabayo, at may maraming sasakyan; at kaniyang
papasukin ang mga lupain, at aabot at lalagpas. 41 Siya'y
papasok din naman sa maluwalhating lupain, at maraming
lupain ay mababagsak; nguni't ang mga ito ay mangaliligtas
mula sa kaniyang kamay: ang Edom, at ang Moab, at ang
puno ng mga anak ni Ammon. 42 Kaniyang iuunat din naman
ang kaniyang kamay sa mga lupain; at ang lupain ng Egipto
ay hindi makatatakas. 43 Nguni't siya'y magtataglay ng
kapangyarihan sa mga kayamanang ginto at pilak, at sa
lahat na mahalagang bagay sa Egipto; at ang mga taga
Libia at ang mga taga Etiopia ay susunod sa kaniyang mga
hakbang. 44 Nguni't mga balita na mula sa silanganan at
mula sa hilagaan ay babagabag sa kaniya; at siya'y lalabas
na may malaking kapusukan upang gumiba at lumipol sa
marami. 45 At kaniyang itatayo ang mga tolda ng kaniyang
palasio sa pagitan ng dagat at ng maluwalhating banal na
bundok; gayon ma'y darating siya sa kaniyang wakas, at
walang tutulong sa kaniya.

12 At sa panahong yaon ay tatayo si Miguel, na dakilang
prinsipe na tumatayo sa ikabubuti ng mga anak ng
iyong bayan; at magkakaroon ng panahon ng kabagabagan,
na hindi nangyari kailan man mula nang magkaroon ng
bansa hanggang sa panahong yaon: at sa panahong yaon ay
maliligtas ang iyong bayan, bawa't isa na masusumpungan
na nakasulat sa aklat. 2 At marami sa kanila na nangatutulog
sa alabok ng lupa ay mangagigising, ang iba'y sa walang
hanggang buhay, at ang iba'y sa kahihiyan at sa walang
hanggang pagkapahamak. 3 At silang pantas ay sisilang
na parang ningning ng langit; at silang mangagbabalik ng
marami sa katuwiran ay parang mga bituin magpakailan
man. 4 Nguni't ikaw, Oh Daniel, isara mo ang mga salita, at
tatakan mo ang aklat, hanggang sa panahon ng kawakasan:

marami ang tatakbo ng paroo't parito, at ang kaalaman ay
lalago. 5 Nang magkagayo'y akong si Daniel ay tumingin, at,
narito, nakatayo ang ibang dalawa, ang isa'y sa dakong ito
ng pangpang ng ilog, at ang isa'y sa kabilang pangpang ng
ilog sa dakong yaon. 6 At ang isa'y nagsalita sa lalaking
nabibihisan ng kayong lino, na nasa ibabaw ng tubig ng
ilog, Hanggang kailan mangyayari ang wakas ng mga
kababalaghang ito? 7 At aking napakinggan ang lalaking
nakapanamit ng kayong lino, na nasa ibabaw ng tubig ng
ilog, nang kaniyang itaas ang kaniyang kanan at kaniyang
kaliwang kamay sa langit, at sumumpa sa pamamagitan ng
nabubuhay magpakailan man na magiging sa isang panahon,
mga panahon, at kalahati ng isang panahon; at pagka
kanilang natapos na mapagputol-putol ang kapangyarihan
ng banal na bayan, ang lahat na bagay na ito ay matatapos.
8 At aking narinig, nguni't di ko naunawa: nang magkagayo'y
sinabi ko, Oh Panginoon ko, ano ang magiging wakas ng mga
bagay na ito? 9 At sinabi niya, Yumaon ka ng iyong lakad,
Daniel; sapagka't ang mga salita ay nasarhan at natatakan
hanggang sa panahon ng kawakasan. 10 Marami ang
magpapakalinis, at magpapakaputi, at magpapakadalisay;
nguni't ang masasama ay gagawa na may kasamaan; at
wala sa masasama na makakaunawa; nguni't silang pantas
ay mangakakaunawa. 11 At mula sa panahon na ang
palaging handog na susunugin ay aalisin, at matatayo ang
kasuklamsuklam na naninira, ay magkakaroon ng isang
libo't dalawang daan at siyam na pung araw. 12 Mapalad
siyang naghihintay, at datnin ng isang libo't tatlong daan at
tatlong pu't limang araw. 13 Nguni't yumaon ka ng iyong
lakad hanggang sa ang wakas ay mangyari; sapagka't ikaw
ay magpapahinga, at tatayo sa iyong kapalaran, sa wakas
ng mga araw.

# Hosea

**1** Ang salita ng Panginoon na dumating kay Oseas na anak
ni Beeri, nang mga kaarawan ni Uzias, ni Jotam, ni Ahaz,
at ni Ezechias, na mga hari sa Juda, at nang mga kaarawan
ni Jeroboam na anak ni Joas, na hari sa Israel. **2** Nang
unang magsalita ang Panginoon sa pamamagitan ni Oseas,
sinabi ng Panginoon kay Oseas, Yumaon ka, magasawa
ka sa isang patutot at mga anak sa patutot; sapagka't
ang lupain ay gumagawa ng malaking pagpapatutot, na
humihiwalay sa Panginoon. **3** Sa gayo'y yumaon siya, at
kinuha niya si Gomer na anak ni Diblaim; at siya'y naglihi,
at nanganak sa kaniya ng isang lalake. **4** At sinabi ng
Panginoon sa kaniya, Tawagin mo ang kaniyang pangalang
Jezreel; sapagka't sangdali pa at aking igaganti ang dugo ng
Jezreel sa sangbahayan ni Jehu, at aking papaglilikatin ang
kaharian ng sangbahayan ni Israel. **5** At mangyayari sa araw
na yaon, na aking babaliin ang busog ng Israel sa libis ng
Jezreel. **6** At siya'y naglihi uli, at nanganak ng isang babae.
At sinabi ng Panginoon sa kaniya, Tawagin mo ang kaniyang
pangalang Lo-ruhama; sapagka't hindi na ako magdadalang
habag sa sangbahayan ni Israel, na sa anoman ay hindi ko
patatawarin sila. **7** Nguni't ako'y maaawa sa sangbahayan ni
Juda, at ililigtas ko sila sa pamamagitan ng Panginoon nilang
Dios, at hindi ko ililigtas sila sa pamamagitan ng busog, o
sa pamamagitan man ng tabak, o sa pamamagitan man
ng pagbabaka, o sa pamamagitan man ng mga kabayo,
o sa pamamagitan man ng mga mangangabayo. **8** Nang
maihiwalay nga niya sa suso ni Lo-ruhama, siya'y naglihi,
at nanganak ng isang lalake. **9** At sinabi ng Panginoon,
Tawagin mo ang kaniyang pangalang Loammi; sapagka't
kayo'y hindi aking bayan, at ako'y hindi magiging inyong
Dios. **10** Gayon ma'y ang bilang ng mga anak ni Israel ay
magiging parang buhangin sa dagat na hindi matatakal, o
mabibilang man; at mangyayari, na sa dakong pagsabihan
sa kanila, Kayo'y hindi aking bayan, sasabihin sa kanila,
Kayo'y mga anak ng buhay na Dios. **11** At ang mga anak
ni Juda, at ang mga anak ni Israel ay mapipisan, at sila'y
mangaghahalal sa kanilang sarili ng isang pangulo, at sila'y
magsisisampa mula sa lupain; sapagka't magiging dakila
ang kaarawan ng Jezreel.

**2** Sabihin ninyo sa inyong mga kapatid na lalake, Ammi;
at sa inyong mga kapatid na babae ay, Ruhama. **2**
Makipagtalo kayo sa inyong ina, makipagtalo kayo; sapagka't
siya'y hindi ko asawa, ni ako man ay kaniyang asawa; at
alisin niya ang kaniyang pagpapatutot sa kaniyang mukha,
at ang kaniyang mga pangangalunya sa pagitan ng kaniyang
mga suso; **3** Baka siya'y aking hubaran, at aking ilagay siya
na gaya ng araw na siya'y ipanganak, at gawin ko siyang
parang isang ilang, at ilagay ko siyang parang isang tuyong
lupa, at patayin ko siya sa uhaw; **4** Oo, sa kaniyang mga
anak ay hindi ako magdadalang habag; sapagka't sila'y mga
anak sa patutot. **5** Sapagka't ang kanilang ina ay nagpatutot;
siya na naglihi sa kanila ay gumawa ng kahiyahiya; sapagka't
kaniyang sinabi, Ako'y susunod sa mga mangingibig sa akin,
na nangagbibigay sa akin ng aking tinapay at ng aking tubig,
ng aking lana at ng aking lino, ng langis ko at ng inumin ko.
**6** Kaya't, narito, aking babakuran ng mga tinik ang iyong
daan, at ako'y gagawa ng bakod laban sa kaniya, na hindi
niya, masusumpungan ang kaniyang mga landas. **7** At
siya'y susunod sa mga mangingibig sa kaniya, nguni't hindi
niya sila aabutan; at hahanapin niya sila, nguni't hindi niya
sila masusumpungan; kung magkagayo'y sasabihin niya,
Ako'y yayaon at babalik sa aking unang asawa; sapagka't
naging mabuti sa akin kay sa ngayon. **8** Sapagka't hindi
niya naalaman na ako ang nagbigay sa kaniya ng trigo, at
ng alak, at ng langis, at nagpaparami sa kaniya ng pilak at
ginto, na kanilang ginamit kay Baal. **9** Kaya't aking babawiin
ang aking trigo sa panahon niyaon, at ang aking alak sa
panahon niyaon, at aking aalisin ang aking lana at ang aking
lino na sana'y tatakip sa kaniyang kahubaran. **10** At ngayo'y
aking ililitaw ang kaniyang kahalayan sa paningin ng mga
mangingibig sa kaniya, at walang magliligtas sa kaniya mula
sa aking kamay. **11** Akin din namang papaglilikatin ang
kaniyang mga kalayawan, ang kaniyang mga kapistahan,
ang kaniyang mga bagong buwan, at ang kaniyang mga
sabbath, at lahat ng kaniyang takdang kapulungan. **12** At
aking iwawasak ang kaniyang mga puno ng ubas, at ang
kaniyang mga puno ng higos, na siya niyang sinasabi, Ang
mga ito ang aking kaupahan na ibinigay sa akin ng mga
mangingibig sa akin; at ang mga yao'y aking gagawing isang
gubat, at kakanin ng mga hayop sa parang. **13** At aking
dadalawin sa kaniya ang mga kaarawan ng mga Baal, na
siya niyang pinagsusunugan ng kamangyan, nang siya'y
nagpaparanya ng kaniyang mga hikaw at kaniyang mga
hiyas, at sumusunod sa mga mangingibig sa kaniya, at
kinalilimutan ako, sabi ng Panginoon. **14** Kaya't, narito, akin
siyang hihikayatin, at dadalhin siya sa ilang, at pagsasalitaan
ko siyang may pagaliw. **15** At ibibigay ko sa kaniya ang
kaniyang mga ubasan mula roon, at ang libis ng Achor na
pinakapintuan ng pagasa; at siya'y sasagot doon, gaya ng
mga kaarawan ng kaniyang kabataan, at gaya ng araw na
siya'y sumampa mula sa lupain ng Egipto. **16** At mangyayari
sa araw na yaon, sabi ng Panginoon, na tatawagin mo akong
Ishi, at hindi mo na ako tatawaging Baali. **17** Sapagka't aking
aalisin ang mga pangalan ng mga Baal sa kaniyang bibig, at
siya'y hindi na babanggitin pa sa pamamagitan ng kanilang

pangalan. 18 At sa araw na yaon ay ipakikipagtipan ko sila
sa mga hayop sa parang, at sa mga ibon sa himpapawid,
at sa mga bagay na nagsisiusad sa lupa: at aking babaliin
ang busog at ang tabak, at patitigilin ko ang pagbabaka
sa lupain, at akin silang pahihigaing tiwasay. 19 At ako'y
magiging asawa mo magpakailan man; oo, magiging asawa
mo ako sa katuwiran, at sa kahatulan, at sa kagandahang-
loob, at sa mga kaawaan. 20 Magiging asawa mo rin ako
sa pagtatapat; at iyong makikilala ang Panginoon. 21 At
mangyayari sa araw na yaon, na ako'y sasagot, sabi ng
Panginoon, ako'y sasagot sa langit, at sila'y magsisisagot sa
lupa; 22 At ang lupa'y sasagot sa trigo, at sa alak, at sa
langis; at sila'y magsisisagot sa Jezreel. 23 At aking itatatag
siya para sa akin sa lupa; at ako'y magdadalang habag sa
kaniya na hindi nagtamo ng kahabagan; at aking sasabihin
sa kanila na hindi ko bayan, Ikaw ay aking bayan; at siya'y
magsasabi, Ikaw ay aking Dios.

3 At sinabi ng Panginoon sa akin, Yumaon ka pa, suminta
ka sa isang babae na minamahal ng kaniyang kaibigan, at
mangangalunya, sa makatuwid baga'y ng gaya ng pagibig ng
Panginoon sa mga anak ni Israel, bagaman sila'y nagsisipihit
sa ibang mga dios, at nangakakagusto ng mga binilong
pasas. 2 Sa gayo'y binili ko siya para sa akin ng labing limang
putol na pilak, at ng isang homer na cebada, at ng kalahating
homer na cebada; 3 At sinabi ko sa kaniya, Ikaw ay mapapa
sa akin na maraming araw; ikaw ay hindi magpapatutot, at
ikaw ay hindi na magiging asawa pa ng ibang lalake; kaya't
ako naman ay sasa iyo. 4 Sapagka't ang mga anak ni Israel
ay magsisitahang maraming araw na walang hari, at walang
prinsipe, at walang hain, at walang haligi, at walang efod o
mga teraf: 5 Pagkatapos ay manunumbalik ang mga anak ni
Israel, at hahanapin ang Panginoon nilang Dios, at si David
na kanilang hari, at magsisiparitong may takot sa Panginoon
at sa kaniyang kabutihan sa mga huling araw.

4 Dinggin ninyo ang salita ng Panginoon, ninyong mga anak
ni Israel; sapagka't ang Panginoon ay may pakikipagkaalit
sa mga mananahan sa lupain, sapagka't walang katotohanan,
ni kaawaan man, ni kaalaman man tungkol sa Dios sa lupain. 2
Wala kundi pagsumpa at kawalan ng pagtatapat, at pagpatay,
pagnanakaw, at pangangalunya; sila'y nagsisidaluhong, at
nagkakabubuan ng dugo. 3 Kaya't ang lupain ay tatangis,
at bawa't tumatahan doon ay manglulupaypay, kasama
ng mga hayop sa parang at ng mga ibon sa himpapawid;
oo, ang mga isda rin naman sa dagat ay mangahuhuli. 4
Gayon ma'y huwag makipaglaban ang sinoman, o sumuway
man ang sinoman; sapagka't ang iyong bayan ay gaya ng
nakikipaglaban sa saserdote. 5 At ikaw ay matitisod sa
araw, at ang propeta naman ay matitisod na kasama mo
sa gabi; at aking papatayin ang iyong ina. 6 Ang aking
bayan ay nasira dahil sa kakulangan ng kaalaman: sapagka't
ikaw ay nagtakuwil ng kaalaman, akin namang itatakuwil
ka, upang ikaw ay huwag maging saserdote ko: yamang
iyong nilimot ang kautusan ng iyong Dios, akin namang
kalilimutan ang iyong mga anak. 7 Kung paanong sila'y
nagsidami, gayon sila nangagkasala laban sa akin: aking
papalitan ng kahihiyan ang kanilang kaluwalhatian. 8 Sila'y
nagsisikain sa kasalanan ng aking bayan, at inilalagak ang
kanilang puso sa kanilang kasamaan. 9 At mangyayari,
na kung paano ang bayan, gayon ang saserdote, at akin
silang parurusahan dahil sa kanilang mga lakad, at aking
gagantihin sa kanila ang kanilang mga gawa. 10 At sila'y
magsisikain, at hindi mangabubusog; sila'y magpapatutot,
at hindi dadami; sapagka't sila'y nangagwalang bahala sa
Panginoon. 11 Ang pagpapatutot at ang alak at bagong alak
ay nagaalis ng kaalaman. 12 Ang aking bayan ay humingi
ng payo sa kanilang tungkod, at ang kanilang tungkod ay
nagpapahayag sa kanila; sapagka't ang pagpapatutot ay
nagligaw sa kanila, at sila'y nagpatutot, na nagsisihiwalay sa
kanilang Dios. 13 Sila'y nangaghahain sa mga taluktok ng
mga bundok, at nangagsusunog ng kamangyan sa mga
burol, sa ilalim ng mga encina at ng mga alamo at ng
mga roble, sapagka't ang lilim ng mga yaon ay mabuti:
kaya't ang inyong mga anak na babae ay nagpatutot, at
ang inyong mga manugang na babae ay nangangalunya.
14 Hindi ko parurusahan ang inyong mga anak na babae
pagka sila'y nagpatutot ni ang inyong mga manugang na
babae man pagka sila'y nangangalunya; sapagka't ang
mga lalake sa kanilang sarili ay nagsisiyaon kasama ng
mga patutot, at sila'y nangaghahain na kasama ng mga
patutot: at ang bayan na hindi nakakaalam ay nawawasak.
15 Bagaman ikaw, Oh Israel, ay nagpapatutot, gayon ma'y
huwag ipagkasala ng Juda: at huwag kayong magsiparoon
sa Gilgal, ni magsisampa man kayo sa Bethaven, ni
magsisumpa man, Buhay ang Panginoon. 16 Sapagka't ang
Israel ay nagpakatigas ng ulo, gaya ng isang matigas na ulo
na guyang babae: ngayo'y pakakanin sila ng Panginoon
na parang batang tupa sa isang malaking dako. 17 Ang
Ephraim ay nalalakip sa mga diosdiosan; pabayaan siya. 18
Ang kanilang inumin ay naging maasim; sila'y nagpapatutot
na palagi; iniibig na mabuti ng kaniyang mga puno ang
kahihiyan. 19 Tinangay siya ng hangin sa kaniyang mga
pakpak; at sila'y mangapapahiya dahil sa kanilang mga
hain.

5 Dinggin ninyo ito, Oh ninyong mga saserdote, at inyong
pakinggan ninyong sangbahayan ni Israel, at inyong
ulinigin, Oh sangbahayan ng hari, sapagka't sa inyo'y
nauukol ang kahatulan; sapagka't kayo'y naging isang silo sa
Mizpa, at isang panghuli na nalagay sa Tabor. 2 At ang mga

nagsipanghimagsik ay nangagpakapahamak na mainam;
nguni't ako'y mananaway sa kanilang lahat. 3 Aking kilala
ang Ephraim, at ang Israel na hindi lingid sa akin; sapagka't
ngayon, Oh Ephraim, ikaw ay nagpatutot, ang Israel ay
napahamak. 4 Hindi sila titiisin ng kanilang mga gawain na
manumbalik sa kanilang Dios; sapagka't ang pagpapatutot
ay nasa loob nila, at hindi nila nakikilala ang Panginoon. 5
At ang kapalaluan ng Israel ay nagpapatotoo sa kaniyang
mukha: kaya't ang Israel at ang Ephraim ay mangatitisod
sa kanilang kasamaan; ang Juda'y matitisod ding kasama
nila. 6 Sila'y magsisiyaong kasama ng kanilang kawan at ng
kanilang bakahan upang hanapin ang Panginoon; nguni't
hindi nila masusumpungan siya: Siya'y umurong sa kanila. 7
Sila'y nagsigawa ng paglililo laban sa Panginoon; sapagka't
sila'y naganak ng ibang mga anak: lalamunin nga sila ng
bagong buwan sangpu ng kanilang mga parang. 8 Hipan
ninyo ang korneta sa Gabaa, at ang pakakak sa Rama:
kayo'y magsitugtog ng hudyat sa Beth-aven; sa likuran mo,
Oh Benjamin. 9 Ang Ephraim ay magiging kasiraan sa
kaarawan ng pagsaway: sa gitna ng mga lipi ng Israel ay
aking ipinakilala ang tunay na mangyayari. 10 Ang mga
prinsipe sa Juda ay gaya ng nagsisibago ng lindero: aking
ibubuhos ang aking galit sa kanila na parang tubig. 11
Ang Ephraim ay napighati, siya'y nadikdik sa kahatulan;
sapagka't siya'y nasisiyahang lumakad ng ayon sa utos ng
tao. 12 Kaya't ako'y sa Ephraim na parang tanga, at sa
sangbahayan ni Juda na parang kabulukan. 13 Nang makita
ng Ephraim ang kaniyang sakit, at nang makita ni Juda ang
kaniyang sugat, naparoon nga ang Ephraim sa Asiria, at
nagsugo sa haring Jareb: nguni't hindi niya mapapagagaling
kayo, ni kaniyang mapapagagaling man kayo sa inyong sugat.
14 Sapagka't ako'y magiging parang leon sa Ephraim, at
parang isang batang leon sa sangbahayan ni Juda, Ako, sa
makatuwid baga'y ako, ay aagaw at aalis; ako'y magaalis,
at walang magliligtas. 15 Ako'y yayaon at babalik sa aking
dako, hanggang sa kanilang kilalanin ang pagkakasala, at
hanapin ang aking mukha: sa kanilang pagdadalamhati ay
hahanapin nila akong mainam.

6 Magsiparito kayo, at tayo'y manumbalik sa Panginoon;
sapagka't siya'y lumapa, at pagagalingin niya tayo; siya'y
nanakit, at kaniyang tatapalan tayo. 2 Pagkatapos ng
dalawang araw ay muling bubuhayin niya tayo: sa ikatlong
araw ay ibabangon niya tayo, at tayo'y mangabubuhay sa
harap niya. 3 At ating kilalanin, tayo'y magpatuloy upang
makilala ang Panginoon: ang kaniyang paglabas ay tunay
na parang umaga; at siya'y paririto sa atin na parang ulan,
na parang huling ulan na dumidilig ng lupa. 4 Oh Ephraim,
ano ang gagawin ko sa iyo? Oh Juda, ano ang gagawin
ko sa iyo? sapagka't ang inyong kabutihan ay parang ulap
sa umaga, at parang hamog na lumalabas na maaga. 5
Kaya't aking pinutol sila sa pamamagitan ng mga propeta;
aking pinatay sila ng mga salita ng aking bibig; at ang
iyong mga kahatulan ay parang liwanag na lumalabas. 6
Sapagka't ako'y nagnanasa ng kaawaan, at hindi hain; at ng
pagkakilala sa Dios higit kay sa mga handog na susunugin.
7 Nguni't sila gaya ni Adan ay sumalangsang sa tipan: doo'y
nagsigawa silang may paglililo laban sa akin. 8 Ang Galaad
ay bayang gumagawa ng kasamaan; tigmak sa dugo. 9
At kung paanong ang mga pulutong ng mga tulisan na
nagsisiabang sa isang tao, ay gayon ang pulutong ng mga
saserdote na nagsisipatay sa daan na dakong Sichem; Oo,
sila'y gumawa ng kahalayan. 10 Sa sangbahayan ni Israel
ay nakakita ako ng kakilakilabot na bagay: doo'y nagpatutot
ang Ephraim, ang Israel ay napahamak. 11 Sa iyo man, Oh
Juda, may takdang paggapas, pagka aking ibabalik ang
nangabihag sa aking bayan.

7 Nang aking pagagalingin ang Israel, ang kasamaan nga
ng Ephraim ay lumitaw, at ang kasamaan ng Samaria;
sapagka't sila'y nagsinungaling; at ang magnanakaw ay
pumapasok, at ang pulutong ng mga tulisan ay nananamsam
sa labas. 2 At hindi nila ginugunita sa kanilang mga puso
na aking inaalaala ang lahat nilang kasamaan: ngayo'y
kinukulong sila sa palibot ng kanilang sariling mga gawa;
sila'y nangasa harap ko. 3 Kanilang pinasasaya ng kanilang
kasamaan ang hari, at ng kanilang pagsisinungaling ang
mga prinsipe. 4 Silang lahat ay mga mangangalunya; sila'y
parang hurnong iniinit ng magtitinapay; siya'y tumitigil na
magsulong ng apoy, mula sa paggawa ng masa hanggang sa
umaasim. 5 Nang kaarawan ng ating hari ang mga prinsipe ay
nagpakasakit sa pamamagitan ng tapang ng alak; kaniyang
iniuunat ang kaniyang kamay sa mga mangduduwahagi. 6
Sapagka't kanilang inihanda ang kanilang puso na parang
hurno, samantalang sila'y nangagaabang: ang kanilang
magtitinapay ay natutulog magdamag; sa kinaumagaha'y
nagniningas na parang liyab na apoy. 7 Silang lahat ay
nangagiinit na parang hurno, at nilalamon ang kanilang mga
hukom; lahat nilang hari ay nangabuwal: wala sa kanila
na tumawag sa akin. 8 Ang Ephraim, nakikisalamuha sa
mga bayan; ang Ephraim ay isang tinapay na hindi binalik.
9 Nilamon ng mga taga ibang lupa ang kaniyang yaman,
at hindi niya nalalaman: oo, mga uban ay nasasabog sa
kaniya, at hindi niya nalalaman. 10 At ang kapalaluan ng
Israel ay nagpapatotoo sa kaniyang mukha: gayon ma'y
hindi sila nanumbalik sa Panginoon nilang Dios, ni hinanap
man siya nila, dahil sa lahat na ito. 11 At ang Ephraim ay
parang isang mangmang na kalapati, na walang unawa
sila'y nagsitawag sa Egipto, sila'y nagsiparoon sa Asiria.
12 Pagka sila'y magsisiyaon, ay aking ilaladlad ang aking

lambat sa kanila; akin silang ibababagsak na parang mga ibon
sa himpapawid; aking parurusahan sila, gaya ng narinig
sa kanilang kapisanan. 13 Sa aba nila! sapagka't sila'y
nagsilayas sa akin; kagibaa'y suma kanila! sapagka't sila'y
nagsisalangsang laban sa akin: bagaman sila'y aking tinubos,
gayon ma'y nangagsalita ng kasinungalingan sila laban
sa akin. 14 At sila'y hindi nagsidaing sa akin ng kanilang
puso, kundi sila'y nagsiangal sa kanilang mga higaan: sila'y
nagpupulong dahil sa trigo at alak; sila'y nanganghimagsik
laban sa akin. 15 Bagaman aking tinuruan at pinalakas ang
kanilang mga bisig, gayon ma'y nangagisip sila ng kalikuan
laban sa akin. 16 Sila'y nanganunumbalik, nguni't hindi
sa kaniya na nasa kaitaasan: sila'y parang magdarayang
busog: ang kanilang mga prinsipe ay mangabubuwal sa
pamamagitan ng tabak dahil sa poot ng kanilang dila: ito
ang magiging katuyaan sa kanila sa lupain ng Egipto.

**8** Ilagay mo ang pakakak sa iyong bibig. Gaya ng
isang aguila dumarating siya laban sa bahay ng
Panginoon, sapagka't kanilang sinuway ang aking tipan,
at nagsisalangsang laban sa aking kautusan. 2 Sila'y
magsisidaing sa akin, Dios ko, kaming Israel ay
nangakakakilala sa iyo. 3 Itinakuwil ng Israel ang mabuti:
hahabulin siya ng kaaway. 4 Sila'y nangaglagay ng mga
hari, nguni't hindi sa pamamagitan ko; sila'y nangaglagay
ng mga prinsipe, at hindi ko nalaman: sa kanilang pilak
at kanilang ginto ay nagsigawa sila ng diosdiosan, upang
sila'y mangahiwalay. 5 Kaniyang inihiwalay ang iyong
guya, Oh Samaria; ang aking galit ay nagaalab laban sa
kanila: hanggang kailan sila ay magiging mga musmos. 6
Sapagka't mula sa Israel nanggaling ito; ito'y ginawa ng
manggagawa, at ito'y hindi Dios; oo, ang guya ng Samaria
ay magkakaputolputol. 7 Sapagka't sila'y nangagsasabog
ng hangin, at sila'y magsisiani ng ipoipo: siya'y walang
nakatayong trigo; ang uhay ay hindi maglalaman ng harina;
at kung maglaman, ay lalamunin ng mga taga ibang lupa.
8 Ang Israel ay nalamon: ngayo'y nasa gitna siya ng mga
bansa na parang sisidlang hindi kinalulugdan. 9 Sapagka't
sila'y nagsiahon sa Asiria, na parang isang mailap na asno
na nagiisa: ang Ephraim ay umupa ng mga mangingibig. 10
Oo, bagaman sila'y umuupa sa gitna ng mga bansa, akin nga
silang pipisanin ngayon; at sila'y mangagtitigil na kaunting
panahon ng pagpapahid ng langis sa hari at mga prinsipe.
11 Sapagka't ang Ephraim, ay nagparami ng mga dambana
upang magkasala, ang mga dambana ay naging sa kaniyang
ipagkakasala. 12 Sinulat ko para sa kaniya ang sangpung
libong bagay ng aking kautusan; kanilang inaring parang
katuwang bagay. 13 Tungkol sa mga hain na mga handog sa
akin, sila'y nangaghahain ng karne, at kinakain nila; nguni't
ang mga yaon ay hindi tinatanggap ng Panginoon; ngayo'y
aalalahanin niya ang kanilang kasamaan, at dadalawin ang
kanilang mga kasalanan; sila'y mangababalik sa Egipto. 14
Sapagka't nilimot ng Israel ang May-lalang sa kaniya, at
nagtayo ng mga palacio; at nagparami ang Juda ng mga
bayang nakukutaan; nguni't magsusugo ako ng apoy sa
kaniyang mga bayan, at susupukin ang mga kuta niyaon.

**9** Huwag kang magalak, Oh Israel sa katuwaan, na gaya ng
mga bayan; sapagka't ikaw ay nagpatutot na humihiwalay
sa iyong Dios; iyong inibig ang upa sa bawa't giikan. 2 Ang
giikan at ang pisaan ng ubas ay hindi magpapakain sa kanila,
at ang bagong alak ay magkukulang sa kaniya. 3 Sila'y hindi
magsisitahan sa lupain ng Panginoon; kundi ang Ephraim ay
babalik sa Egipto, at sila'y magsisikain ng maruming pagkain
sa Asiria. 4 Hindi nila ipagbubuhos ng alak ang Panginoon,
ni makalulugod man sa kaniya: ang kanilang mga hain ay
magiging sa kanila'y parang tinapay ng nangagluksa; lahat
ng magsikain niyaon ay mangapapahamak; sapagka't ang
kanilang tinapay ay parang sa kanilang ipagkakagana; hindi
papasok sa bahay ng Panginoon. 5 Ano ang inyong gagawin
sa kaarawan ng takdang kapulungan, at sa kaarawan ng
kapistahan ng Panginoon? 6 Sapagka't, narito, sila'y nagsialis
sa kagibaan, gayon ma'y pipisanin sila ng Egipto, sila'y
ililibing ng Memphis; ang kanilang maligayang mga bagay
na pilak ay aariin ng dawag; mga tinik ang sasa kanilang
mga tolda. 7 Ang mga kaarawan ng pagdalaw ay dumating,
ang mga kaarawan ng kagantihan ay dumating; malalaman
ng Israel: ang propeta ay mangmang, ang lalake na may
espiritu ay ulol, dahil sa karamihan ng iyong kasamaan, at
sapagka't ang poot ay malaki. 8 Ang Ephraim ay bantay
na kasama ng aking Dios: tungkol sa propeta, ay silo ng
manghuhuli sa lahat ng kaniyang lansangan, at pagkakaalit
ay nasa bahay ng kaniyang Dios. 9 Sila'y nangagpapahamak
na mainam, na gaya ng mga kaarawan ng Gabaa: kaniyang
aalalahanin ang kanilang kasamaan, kaniyang dadalawin
ang kanilang mga kasalanan. 10 Aking nasumpungan ang
Israel na parang ubas sa ilang; aking nakita ang inyong mga
magulang na parang unang bunga sa puno ng higos sa
kaniyang unang kapanahunan: nguni't sila'y nagsiparoon kay
Baalpeor, at nangagsitalaga sa mahalay na bagay, at naging
kasuklamsuklam na gaya ng kanilang iniibig. 11 Tungkol sa
Ephraim, ang kanilang kaluwalhatian ay lilipad na parang
ibon; mawawalan ng pangangnak, at walang magdadalang
tao, at walang paglilihi. 12 Bagaman kanilang pinalalaki
ang kanilang mga anak, gayon ma'y aking babawaan sila,
na walang tao; oo, sa aba nila pagka ako'y humiwalay sa
kanila! 13 Ang Ephraim, gaya ng aking makita ang Tiro,
ay natatanim sa isang masayang dako: nguni't ilalabas ng
Ephraim ang kaniyang mga anak sa tagapatay. 14 Bigyan
mo sila, Oh Panginoon-anong iyong ibibigay? bigyan mo

sila ng mga bahay-batang maaagasan at mga tuyong suso.
15 Lahat nilang kasamaan ay nasa Gilgal; sapagka't doo'y
kinapootan ko sila; dahil sa kasamaan ng kanilang mga
gawa, akin silang palalayasin sa aking bahay; hindi ko na sila
iibigin; lahat nilang prinsipe ay mapagsalangsang. 16 Ang
Ephraim ay nasaktan, ang kaniyang ugat ay natuyo, sila'y
hindi mangagbubunga: oo, bagaman sila'y nanganak, gayon
ma'y aking papatayin ang minamahal na bunga ng kanilang
bahay-bata. 17 Itatakuwil sila ng aking Dios, sapagka't hindi
nila dininig siya; at sila'y magiging mga gala sa gitna ng mga
bansa.

**10** Ang Israel ay isang mayabong na baging, na nagbunga:
ayon sa karamihan ng kaniyang bunga kaniyang
pinarami ang kaniyang mga dambana; ayon sa kabutihan ng
kaniyang lupain ay nagsigawa sila ng mga mainam na haligi.
2 Ang kanilang puso ay nahati; ngayo'y mangasusumpungan
silang salarin: kaniyang ibabagsak ang kanilang mga
dambana, kaniyang sasamsamin ang kanilang mga haligi.
3 Walang pagsalang ngayo'y kanilang sasabihin, Kami
ay walang hari; sapagka't kami ay hindi nangatatakot sa
Panginoon; at ang hari, ano ang magagawa niya para
sa atin? 4 Sila'y nagsasalita ng mga walang kabuluhang
salita, na nagsisisumpa ng di totoo sa paggawa ng mga
tipan: kaya't ang kahatulan ay lumilitaw na parang ajenjo
sa mga bungkal sa parang. 5 Ang mga nananahan sa
Samaria ay malalagay sa pangingilabot dahil sa mga guya
ng Beth-aven; sapagka't ang bayan niyaon ay mananangis
doon, at ang mga saserdote niyaon na nangagagalak doon,
dahil sa kaluwalhatian niyaon, sapagka't nawala roon. 6
Dadalhin din naman sa Asiria na pinakakaloob sa haring
Jareb: ang Ephraim ay tatanggap ng kahihiyan, at ang
Israel ay mapapahiya sa kaniyang sariling payo. 7 Tungkol
sa Samaria, ang kaniyang hari ay nahiwalay, na parang
bula sa tubig. 8 Ang mataas na dako naman ng Aven, ang
kasalanan ng Israel ay masisira: ang mga tinik at ang mga
dawag ay sisibol sa kanilang mga dambana; at sasabihin
nila sa mga bundok, Takpan ninyo kami; at sa mga burol,
Mahulog kayo sa amin. 9 Oh Israel, ikaw ay nagkasala
mula sa mga kaarawan ng Gabaa: doon sila nagsitayo;
ang pagbabaka laban sa mga anak ng kasamaan ay hindi
aabot sa kanila sa Gabaa. 10 Pagka siya kong nasa, ay
aking parurusahan sila; at ang mga bayan ay magpipisan
laban sa kanila, pagka sila'y nagapos sa kanilang dalawang
pagsalangsang. 11 At ang Ephraim ay isang dumalagang
baka na tinuturuan, na maibigin sa pagiik ng trigo; nguni't
aking pinararaan ang pamatok sa kaniyang magandang
leeg: ako'y maglalagay ng isang mananakay sa Ephraim;
magaararo ang Juda, dudurugin ng Jacob ang kaniyang mga
bugal. 12 Mangaghasik kayo sa inyong sarili sa katuwiran,
magsigapas kayo ayon sa kaawaan; bungkalin ninyo ang
inyong pinabayaang bukiran; sapagka't panahon na hanapin
ang Panginoon, hanggang sa siya'y dumating, at magdala
ng katuwiran sa inyo. 13 Kayo'y nangaghasik ng kasamaan,
kayo'y nagsiani ng kasalanan; kayo'y nagsikain ng bunga ng
kabulaanan; sapagka't ikaw ay tumiwala sa iyong lakad, sa
karamihan ng iyong makapangyarihang lalake. 14 Kaya't
babangon ang isang kagulo sa iyong mga bayan, at lahat
ng iyong mga katibayan ay magigiba, na gaya ni Salman
na gumiba sa Beth-arbel sa kaarawan ng pagbabaka: ang
ina ay pinaglurayluray na kasama ng kaniyang mga anak.
15 Gayon ang gagawin ng Beth-el sa inyo dahil sa inyong
malaking kasamaan: sa pagbubukang liwayway, ang hari ng
Israel ay lubos na mahihiwalay.

**11** Nang bata pa ang Israel, aking minahal siya, at tinawag
kong aking anak mula sa Egipto. 2 Lalo silang tinawag
ng mga propeta, ay lalo naman silang nagsihiwalay sa kanila:
sila'y nangaghahain sa mga Baal, at nangagsusunug ng mga
kamangyan sa mga larawang inanyuan. 3 Gayon ma'y aking
tinuruan ang Ephraim na lumakad; aking kinalong sila sa
aking mga bisig; nguni't hindi nila kinilala na aking pinagaling
sila. 4 Akin silang pinatnubayan ng mga tali ng tao, ng
mga panali ng pag-ibig; at ako'y naging sa kanila'y parang
nagaalis ng paningkaw sa kanilang mga panga; at ako'y
naglagay ng pagkain sa harap nila. 5 Sila'y hindi babalik
sa lupain ng Egipto; kundi ang taga Asiria ay magiging
kanilang hari, sapagka't sila'y nagsisitangging manumbalik
sa akin. 6 At ang tabak ay lalagak sa kanilang mga bayan, at
susupukin ang kanilang mga halang, at lalamunin sila, dahil
sa kanilang sariling mga payo. 7 At ang aking bayan ay
mahilig ng pagtalikod sa akin: bagaman kanilang tinatawag
siya na nasa itaas, walang lubos na magtataas sa kaniya. 8
Paanong pababayaan kita, Ephraim? paanong itatakuwil kita,
Israel? paanong gagawin kitang parang Adma? paanong
ilalagay kitang parang Zeboim? ang aking puso ay nabagbag
sa loob ko, ang aking mga habag ay nangagalab. 9 Hindi ko
isasagawa ang kabangisan ng aking galit, hindi ako babalik
upang ipahamak ang Ephraim: sapagka't ako'y Dios, at
hindi tao; ang Banal sa gitna mo; at hindi ako paroroon na
may galit. 10 Sila'y magsisilakad ng ayon sa Panginoon, na
siyang uungal, na parang leon; sapagka't siya'y uungal, at
ang mga anak ay magsisidating na nanginginig na mula sa
kalunuran. 11 Sila'y darating na nanginginig na parang ibon
na mula sa Egipto, at parang kalapati na mula sa lupain ng
Asiria; at aking patatahanin sila sa kanilang mga bahay, sabi
ng Panginoon. 12 Kinukulong ako ng Ephraim ng kabulaanan
sa palibot, at ng sangbahayan ni Israel sa pamamagitan ng
daya; nguni't ang Juda'y nagpupuno pang kasama ng Dios,
at tapat na kasama ng Banal.

12 Ang Ephraim ay kumakain ng hangin, at sumusunod
sa hanging silanganan: siya'y laging nagpaparami ng
mga kabulaanan at kasiraan; at sila'y nakikipagtipan sa
Asiria, at ang langis ay dinadala sa Egipto. 2 Ang Panginoon
ay may pakikipagkaalit din sa Juda, at parurusahan niya ang
Jacob ayon sa kaniyang mga lakad; ayon sa kaniyang mga
gawa ay gagantihan niya siya. 3 Sa bahay-bata ay kaniyang
hinawakan sa sakong ang kaniyang kapatid; at sa kaniyang
kabinataan ay nagtaglay ng kapangyarihan ng Dios: 4 Oo,
siya'y nagtaglay ng kapangyarihan sa anghel, at nanaig:
siya'y tumangis, at namanhik sa kaniya: nasumpungan niya
siya sa Beth-el, at doo'y nakipagsalitaan siya sa atin. 5 Sa
makatuwid baga'y ang Panginoon, ang Dios ng mga hukbo;
ang Panginoon ay kaniyang alaala. 6 Kaya't magbalik-loob
ka sa iyong Dios magingat ka ng kaawaan at ng kahatulan,
at hintayin mong lagi ang iyong Dios. 7 Mangangalakal
siya na may timbangang magdaraya sa kaniyang kamay:
maibigin ng pagpighati. 8 At sinabi ng Ephraim, Tunay na
ako'y naging mayaman, ako'y nakasumpong ng kayamanan;
sa lahat ng aking gawin, walang masusumpungan sila sa
akin na kasamaan, 9 Nguni't ako ang Panginoon mong Dios
mula sa lupain ng Egipto, akin pa kitang patatahanin uli sa
mga tolda, gaya sa mga kaarawan ng takdang kapistahan.
10 Ako rin naman ay nagsalita sa mga propeta, at ako'y
nagparami ng mga pangitain; at sa pangangasiwa ng mga
propeta ay gumamit ako ng mga talinhaga. 11 Ang Galaad
baga'y kasamaan? sila'y pawang walang kabuluhan; sa
Gilgal ay nangaghahain sila ng mga toro; oo, ang kanilang
dambana ay parang mga bunton sa mga bungkal ng bukid.
12 At si Jacob ay tumakas na napatungo sa parang ng Aram,
at naglingkod si Israel dahil sa isang asawa, at dahil sa isang
asawa ay nagalaga ng mga tupa. 13 At sa pamamagitan
ng isang propeta ay isinampa ng Panginoon ang Israel
mula sa Egipto, at sa pamamagitan ng isang propeta, siya'y
naingatan. 14 Ang Ephraim ay namungkahi ng di kawasang
galit: kaya't ang kaniyang dugo ay maiiwan sa kaniya, at
ibabalik ng kaniyang Panginoon sa kaniya ang kakutyaan sa
kaniya.

13 Nang magsalita ang Ephraim, ay nagkaroon ng
panginginig; siya'y nagpapakalaki sa kaniyang sarili
sa Israel; nguni't nang siya'y magkasala tungkol kay Baal
ay namatay siya. 2 At ngayo'y nangagkasala sila ng higit
at higit, at nagsigawa sila ng mga larawang binubo sa
kanilang pilak, mga diosdiosan na ayon sa kanilang unawa,
lahat ng yaon ay gawa ng manggagawa: sinasabi nila
tungkol sa mga yaon; Magsihalik sa mga guya ang mga
tao na nangaghahain. 3 Kaya't sila'y magiging parang ulap
sa umaga, at parang hamog na nawawalang maaga, na
gaya ng dayami na tinatangay ng ipoipo mula sa giikan, at
parang usok na lumalabas sa Chimenea: 4 Gayon ma'y
ako ang Panginoon mong Dios mula sa lupain ng Egipto; at
wala kang makikilalang Dios kundi ako, at liban sa akin ay
walang tagapagligtas. 5 Nakilala kita sa ilang, sa lupain ng
malaking katuyuan. 6 Ayon sa pastulan sa kanila, gayon
sila nangabusog; sila'y nangabusog, at ang kanilang puso
ay nagmalaki: kaya't kinalimutan nila ako. 7 Kaya't ako'y
magiging parang leon sa kanila; parang leopardo na ako'y
magbabantay sa tabi ng daan; 8 Aking sasalubungin sila
na gaya ng oso na ninakawan ng kaniyang mga anak, at
aking babakahin ang lamak ng kanilang puso; at doo'y
lalamunin ko sila ng gaya ng leon; lalapain sila ng mabangis
na hayop. 9 Siyang iyong kapahamakan Oh Israel, na
ikaw ay laban sa akin, laban sa iyong katulong. 10 Saan
nandoon ngayon ang iyong hari upang mailigtas ka niya sa
lahat ng iyong bayan? at ang iyong mga hukom, na iyong
pinagsasabihan, Bigyan mo ako ng hari at mga prinsipe?
11 Aking binigyan ka ng hari sa aking kagalitan, at inalis
ko siya sa aking poot. 12 Ang kasamaan ng Ephraim ay
nababalot; ang kaniyang kasalanan ay nabubunton. 13 Ang
mga kapanglawan ng nagdaramdam na babae ay dadanasin
niya: siya'y hindi pantas na anak; sapagka't panahon na hindi
sana siya marapat maghirap sa pagwawaksi ng mga yaon.
14 Aking tutubusin sila mula sa kapangyarihan ng Sheol;
aking tutubusin sila mula sa kamatayan. Oh kamatayan, saan
nandoon ang iyong mga salot? Oh Sheol, saan nandoon ang
iyong kasiraan? pagsisisi ay malilingid sa aking mga mata.
**(Sheol h7585)** 15 Bagaman siya'y mabunga sa kaniyang mga
kapatid, isang hanging silanganan ay darating, ang hinga ng
Panginoon ay umiilanglang mula sa ilang; at ang kaniyang
tipunan ng tubig ay magiging tuyo, at ang kaniyang bukal
ay matutuyo: kaniyang sasamsamin ang kayamanan ng
lahat na maligayang kasangkapan. 16 Tataglayin ng Samaria
ang kaniyang sala; sapagka't siya'y nanghimagsik laban sa
kaniyang Dios: sila'y mangabubuwal sa pamamagitan ng
tabak; ang kanilang mga sanggol ay pagluluraylurayin at ang
kanilang mga nagdadalang tao ay paluluwain ang bituka.

14 Oh Israel, manumbalik ka sa Panginoon mong Dios;
sapagka't ikaw ay nabuwal dahil sa iyong kasamaan.
2 Magpahayag kayo na may pagsisisi, at magsipanumbalik
kayo sa Panginoon: sabihin ninyo sa kaniya, Alisin mo ang
boong kasamaan, at tanggapin mo ang mabuti: sa gayo'y
aming ilalagak na parang mga toro ang handog ng aming
mga labi. 3 Hindi kami ililigtas ng Asiria; kami ay hindi
sasakay sa mga kabayo; ni magsasabi pa man kami sa gawa
ng aming mga kamay, Kayo'y aming mga dios; sapagka't
dahil sa iyo'y nakakasumpong ng kaawaan ang ulila. 4 Aking
gagamutin ang kanilang pagtalikod, akin silang iibiging may
kalayaan; sapagka't ang aking galit ay humiwalay sa kaniya.

5 Ako'y magiging parang hamog sa Israel: siya'y bubukang
parang lila, at kakalat ang kaniyang ugat na parang Libano. 6
Ang kaniyang mga sanga ay magsisiyabong, at ang kaniyang
kagandahan ay magiging parang puno ng olibo, at ang
kaniyang bango ay parang Libano. 7 Silang nagsisitahan sa
kaniyang lilim ay manunumbalik; sila'y mangabubuhay uling
gaya ng trigo, at mangamumulaklak na gaya ng puno ng
ubas: at ang amoy ay magiging gaya ng alak ng Libano. 8
Sasabihin ng Ephraim, Ano pa ang aking gagawin sa mga
dios-diosan? Ako'y sasagot, at aking hahalatain siya: ako'y
parang sariwang abeto; mula sa akin ay nasusumpungan
ang iyong bunga. 9 Sino ang pantas, at siya'y makakaunawa
ng mga bagay na ito? at mabait, at kaniyang mangalalaman?
sapagka't ang mga daan ng Panginoon ay matutuwid, at
lalakaran ng mga ganap; nguni't kabubuwalan ng mga
mananalangsang.

# Joel

1 Ang salita ng Panginoon na dumating kay Joel na anak
ni Pethuel. 2 Dinggin ninyo ito, ninyong mga matanda, at
pakinggan ninyo, ninyong lahat na mananahan sa lupain.
Nagkaroon baga nito sa inyong mga kaarawan o sa mga
kaarawan ng inyong mga magulang? 3 Saysayin ninyo
sa inyong mga anak, at saysayin ng inyong mga anak sa
kanilang mga anak, at ng kanilang mga anak sa susunod
na lahi. 4 Ang iniwan ng tipaklong, ay kinain ng balang;
at ang iniwan ng balang ay kinain ng uod; at ang iniwan
ng uod ay kinain ng kuliglig. 5 Magsibangon kayo, kayong
mga manglalasing, at magsiiyak kayo; at manambitan kayo,
kayong lahat na manginginom ng alak, dahil sa matamis na
alak; sapagka't nahiwalay sa inyong bibig. 6 Sapagka't isang
bansa ay sumampa sa aking lupain, malakas at walang
bilang; ang kaniyang mga ngipin ay mga ngipin ng leon, at
siya'y may bagang ng malaking leon. 7 Kaniyang iniwasak
ang aking puno ng ubas, at ibinagsak ang aking puno
ng igos: kaniyang tinalupang malinis at inihagis; ang mga
sanga niyao'y naging maputi. 8 Managhoy ka na parang
babaing nabibigkisan ng kayong magaspang dahil sa asawa
ng kaniyang kabataan. 9 Ang handog na harina at ang
inuming handog ay nahiwalay sa bahay ng Panginoon; ang
mga saserdote, ang mga tagapangasiwa ng Panginoon,
ay nangananangis. 10 Ang bukid ay sira, ang lupain ay
nahahapis; sapagka't ang trigo ay sira, ang bagong alak
ay tuyo, ang langis ay kulang. 11 Mangahiya kayo, Oh
kayong mga mangbubukid, manambitan kayo, Oh kayong
mga maguubas, dahil sa trigo at dahil sa cebada; sapagka't
ang pagaani sa bukid ay nawala. 12 Ang puno ng ubas
ay natuyo, at ang puno ng higos ay nalalanta; ang puno
ng granada, ang puno ng palma ay gayon din at ang
puno ng manzanas, lahat ng punong kahoy sa parang ay
tuyo; sapagka't ang kagalakan ay nawala sa mga anak ng
mga tao. 13 Mangagbigkis kayo ng kayong magaspang,
at magsipanaghoy kayong mga saserdote; manambitan
kayo, kayong mga tagapangasiwa ng dambana; halikayo,
magsihiga kayo magdamag sa kayong magaspang, kayong
mga tagapangasiwa ng aking Dios: sapagka't ang handog
na harina at ang inuming handog ay nahiwalay sa bahay ng
inyong Dios. 14 Mangaghayag kayo ng ayuno, magsitawag
kayo ng isang takdang kapulungan, inyong pisanin ang mga
matanda at ang lahat na mananahan sa lupain sa bahay ng
Panginoon ninyong Dios, at magsidaing kayo sa Panginoon.
15 Sa aba ng araw na yaon! sapagka't ang kaarawan ng
Panginoon ay malapit na, at darating na parang kagibaan
na mula sa Makapangyarihan sa lahat. 16 Hindi baga ang
pagkain ay nahiwalay sa ating mga mata, oo, ang kagalakan
at ang kasayahan ay nahiwalay sa bahay ng ating Dios? 17
Ang mga binhi ay nangabubulok sa kanilang bugal; ang mga
kamalig ay nangakahandusay na sira, ang mga imbakan
ay bagsak; sapagka't ang trigo ay natuyo. 18 Ganyan na
lamang ang ungal ng mga hayop! ang mga kawan ng mga
hayop ay natitigilan, sapagka't wala silang pastulan; oo, ang
mga kawan ng tupa ay nangapahamak. 19 Oh Panginoon,
sa iyo'y dumadaing ako: sapagka't sinupok ng apoy ang
mga pastulan sa ilang, at sinunog ng liyab ang lahat na
punong kahoy sa parang. 20 Oo, ang mga hayop sa bukid
ay nagsisihingal sa iyo; sapagka't ang mga batis ng tubig ay
nangatuyo, at sinupok ng apoy ang mga pastulan sa ilang.

2 Hipan ninyo ang pakakak sa Sion, at mangagpatunog
kayo ng hudyat sa aking banal na bundok; manginig ang
lahat na mananahan sa lupain: sapagka't ang kaarawan
ng Panginoon ay dumarating, sapagka't malapit na; 2
Araw ng kadiliman at ng pagkukulimlim, araw ng mga
ulap at ng pagsasalimuot ng dilim, gaya ng liwayway na
namumukadkad sa mga bundok; isang malaking bayan at
matibay; hindi nagkaroon kailan man ng gaya niyaon, ni
magkakaroon pa man pagkatapos ng mga yaon, hanggang
sa mga taon ng maraming sali't saling lahi. 3 Isang apoy ang
sumusupok sa harap nila; at sa likuran nila'y isang liyab
ang sumusunog: ang lupain ay parang halamanan sa Eden
sa harap nila, at sa likuran nila'y isang sirang ilang; oo, at
walang nakatanan sa kanila. 4 Ang anyo nila ay parang anyo
ng mga kabayo; at kung paano ang mga mangangabayo,
gayon sila nagsisitakbo. 5 Parang ingay ng mga karo sa
mga taluktok ng mga bundok nagsisilukso sila, parang
hugong ng liyab ng apoy na sumusupok sa dayami, parang
isang matibay na bayan na humahanay sa pagbabaka. 6
Sa kanilang harapan ay nangahihirapan ang mga bayan;
lahat ng mukha ay nangamumutla. 7 Sila'y nagsisitakbong
parang mga malakas na lalake; sila'y nagsisipagalambitin
sa kuta na parang mga lalaking mangdidigma; at sila'y
nagsisilakad bawa't isa ng kanikaniyang mga lakad, at hindi
nila binabago ang kanilang mga hanay. 8 Ni nagtutulakan
mang isa'y isa; sila'y lumalakad bawa't isa sa kanikaniyang
landas; at sila'y magsisisagupa sa mga almas, at hindi
sila malalansag. 9 Kanilang nilulukso ang bayan; kanilang
tinatakbo ang kuta; kanilang pinagaalambitinan ang mga
bahay; sila'y nagsisipasok sa mga dungawan na parang
magnanakaw. 10 Ang lupa ay nayayanig sa harap nila; ang
langit ay nanginginig; ang araw at ang buwan ay nagdidilim at
itinitigil ng mga bituin ang kanilang kislap: 11 At pinatutunog
ng Panginoon ang kaniyang tinig sa harap ng kaniyang
hukbo; sapagka't ang kaniyang kampamento ay totoong
malaki; sapagka't malakas na nagsasagawa ng kaniyang
salita; sapagka't ang kaarawan ng Panginoon ay dakila at

totoong kakilakilabot; at sinong makatatahan? **12** Gayon
ma'y ngayon, sabi ng Panginoon, magsipanumbalik kayo sa
akin ng inyong buong puso, na may pagaayuno, at may
pananangis, at may pananambitan: **13** At papagdalamhatiin
ninyo ang inyong puso, at hindi ang mga damit ang inyong
hapakin, at kayo'y magsipanumbalik sa Panginoon ninyong
Dios; sapagka't siya'y maawain at puspos ng kahabagan,
banayad sa pagkagalit, at sagana sa kagandahang-loob, at
nagsisisi siya sa kasamaan. **14** Sinong nakakaalam kung
siya'y hindi magbabalik-loob, at magsisisi, at magiiwan ng
isang pagpapala sa likuran niya, ng handog na harina, at ng
inuming handog sa Panginoon ninyong Dios? **15** Hipan ninyo
ang pakakak sa Sion: magsipangilin kayo ng isang ayuno,
magsitawag kayo ng isang takdang kapulungan; **16** Tipunin
ninyo ang bayan, banalin ang kapisanan, pisanin ang mga
matanda, tipunin ang mga bata, at yaong mga pasusuhin;
lumabas ang bagong kasal na lalake sa kaniyang silid, at
ang bagong kasal na babae sa kaniyang silid. **17** Manangis
ang mga saserdote, ang mga tagapangasiwa ng Panginoon,
sa pagitan ng portiko at ng dambana, at kanilang sabihin,
Maawa ka sa iyong bayan, Oh Panginoon, at huwag mong
ibigay ang iyong bayan sa kakutyaan, na ang mga bansa
baga'y magpuno sa kanila: bakit nila sasabihin sa gitna ng
mga bayan, Saan nandoon ang kanilang Dios? **18** Noong ang
Panginoon ay naging masikap sa kanilang lupain, at nahabag
sa kaniyang bayan. **19** At ang Panginoon ay sumagot, at
nagsabi sa kaniyang bayan, Narito, ako'y magdadala sa inyo
ng trigo, at alak, at langis, at inyong kabubusugan; at hindi ko
na gagawin pa kayo na kakutyaan sa gitna ng mga bansa;
**20** Kundi aking ihihiwalay na malayo sa inyo ang hukbo sa
hilagaan, at aking itataboy siya sa isang lupaing basal at
sira, ang kaniyang unaha'y sa dagat silanganan, at ang
kaniyang pinakahuling bahagi ay sa dagat kanluran; at ang
kaniyang baho ay aalingasaw, at ang masamang amoy ay
iilanglang, sapagka't siya'y gumawa ng mga malaking bagay.
**21** Huwag kang matakot, Oh lupain, ikaw ay matuwa at
magalak; sapagka't ang Panginoon ay gumawa ng dakilang
mga bagay. **22** Huwag kayong mangatakot, kayong mga
hayop sa parang; sapagka't ang mga pastulan sa ilang ay
lumalago, sapagka't ang punong kahoy ay nagbubunga,
ang puno ng higos at ang puno ng ubas ay nagbubunga.
**23** Kayo nga'y mangatuwa, kayong mga anak ng Sion, at
mangagalak sa Panginoon ninyong Dios; sapagka't kaniyang
ibinibigay sa inyo ang maagang ulan sa tapat na sukat, at
kaniyang pinalalagpak ang ulan dahil sa inyo, ang maagang
ulan at ang huling ulan, sa unang buwan. **24** At ang mga
lapag ay mangapupuno ng trigo, at ang mga kamalig ay
aapawan ng alak at langis. **25** At aking isasauli sa inyo
ang mga taon na kinain ng balang, ng uod, at ng kuliglig,
at ng tipaklong na siyang aking malaking hukbo, na aking
sinugo sa gitna ninyo. **26** At kayo'y magsisikaing sagana,
at mangabubusog, at inyong pupurihin ang pangalan ng
Panginoon ninyong Dios, na gumawa ng kababalaghan sa
inyo; at ang aking bayan ay hindi mapapahiya kailan man.
**27** At inyong malalaman na ako'y nasa gitna ng Israel, at
ako ang Panginoon ninyong Dios, at wala nang iba; at ang
aking bayan ay hindi mapapahiya magpakailan man. **28** At
mangyayari pagkatapos, na ibubuhos ko ang aking Espiritu
sa lahat ng laman; at ang inyong mga anak na lalake at
babae ay manganghuhula, ang inyong mga matanda ay
magsisipanaginip ng mga panaginip, ang inyong mga binata
ay mangakakakita ng mga pangitain: **29** At sa mga lingkod
na lalake at babae naman ay ibubuhos ko sa mga araw na
yaon ang aking Espiritu. **30** At ako'y magpapakita ng mga
kababalaghan sa langit at sa lupa, dugo, at apoy, at mga
haliging usok. **31** Ang araw ay magiging kadiliman, at ang
buwan ay dugo, bago dumating ang dakila at kakilakilabot
na kaarawan ng Panginoon. **32** At mangyayari na ang
sinomang tumawag sa pangalan ng Panginoon ay maliligtas,
sapagka't sa bundok ng Sion at sa Jerusalem doroon yaong
nangakatanan, gaya ng sinabi ng Panginoon, at sa nangalabi
ay yaong mga tinatawag ng Panginoon.

**3** Sapagka't, narito, sa mga kaarawang yaon, at sa
panahong yaon, pagka aking ibabalik ang mangabihag
sa Juda at Jerusalem. **2** Aking pipisanin ang lahat na
bansa, at aking ibababa sila sa libis ni Josaphat; at ako'y
makikipagtanggol sa kanila roon dahil sa aking bayan at
dahil sa aking manang Israel, na kanilang pinangalat sa
mga bansa, at binahagi ang aking lupain, **3** At kanilang
pinagsapalaran ang aking bayan, at kanilang ibinigay ang
isang batang lalake dahil sa isang patutot, at ipinagbili ang
isang batang babae dahil sa alak, upang sila'y mangakainom.
**4** Oo, at ano kayo sa akin. Oh Tiro, at Sidon, at buong lupain
ng Filistia? gagantihin baga ninyo ako? at kung ako'y inyong
gantihin, maliksi at madali na aking ibabalik ang inyong
kagantihan sa inyong sariling ulo. **5** Yamang inyong kinuha
ang aking pilak at aking ginto, at inyong dinala sa inyong
mga templo ang aking mainam at maligayang mga bagay, **6**
At ipinagbili ang mga anak ng Juda at ang mga anak ng
Jerusalem ay inyong ipinagbili sa mga anak ng mga taga
Grecia, upang inyong mailayo sa kanilang hangganan; **7**
Narito, aking pasisiglahin sila sa dako na inyong pinagbilhan
sa kanila, at aking ibabalik ang inyong kagantihan sa inyong
sariling ulo; **8** At aking ipagbibili ang inyong mga anak na
lalake at babae sa kamay ng mga anak ni Juda, at ipagbibili
nila sila sa mga tao sa Seba, sa isang bansang malayo:
sapagka't sinalita ng Panginoon. **9** Itanyag ninyo ito sa mga
bansa: mangaghanda kayo ng digma; pasiglahin ninyo ang

mga malakas na lalake; magsilapit ang lahat na lalaking
mangdidigma, sila'y magsisampa. **10** Gawin ninyong mga
tabak ang inyong mga sudsod, at mga sibat ang inyong mga
karit: magsabi ang mahina, Ako'y malakas. **11** Mangagmadali
kayo, at magsiparito kayong lahat na bansa sa palibot,
at magpipisan kayo: iyong pababain doon ang iyong mga
makapangyarihan, Oh Panginoon. **12** Magpakasigla ang mga
bansa, at magsisampa sa libis ni Josaphat; sapagka't doo'y
uupo ako upang hatulan ang lahat na bansa sa palibot. **13**
Gamitin ninyo ang karit; sapagka't ang aanihin ay hinog na:
kayo'y magsiparito, at magsiyapak; sapagka't ang alilisan ng
alak ay puno, ang kamalig ng alak ay inaapawan; sapagka't
ang kanilang kasamaan ay malaki. **14** Mga karamihan, mga
karamihan sa libis ng pasiya! sapagka't ang kaarawan ng
Panginoon ay malapit na sa libis ng pasiya. **15** Ang araw
at ang buwan ay nagdidilim, at pinipigil ng mga bituin ang
kanilang kislap. **16** At ang Panginoo'y aangal mula sa Sion,
at palalakasin ang kaniyang tinig mula sa Jerusalem; at ang
langit at ang lupa ay mangayayanig: nguni't ang Panginoon
ay magiging kanlungan sa kaniyang bayan, at katibayan sa
mga anak ni Israel. **17** Sa gayo'y inyong malalaman na ako
ang Panginoon ninyong Dios, na tumatahan sa Sion, na
aking banal na bundok: kung magkagayo'y magiging banal
ang Jerusalem, at hindi na daraan pa sa kaniya ang mga
taga ibang lupa. **18** At mangyayari sa araw na yaon, na
ang mga bundok ay tutuluan ng matamis na alak, at ang
mga burol ay aagusan ng gatas, at ang lahat na batis ng
Juda ay aagusan ng mga tubig; at isang bukal ay babalong
sa bahay ng Panginoon, at didiligin ang libis ng Sittim. **19**
Ang Egipto ay masisira, at ang Edom ay magiging ilang na
sira, dahil sa karahasang ginawa sa mga anak ni Juda,
sapagka't sila'y nagbubo ng walang salang dugo sa kanilang
lupain. **20** Nguni't ang Juda'y tatahan magpakailan man, at
ang Jerusalem ay sa sali't saling lahi. **21** At aking lilinisin ang
kanilang dugo na hindi ko nilinis: sapagka't ang Panginoon
ay tumatahan sa Sion.

# Amos

1 Ang mga salita ni Amos, na nasa gitna ng mga pastor
sa Tecoa, na nakita niya tungkol sa Israel, nang mga
kaarawan ni Uzzia na hari sa Juda, at nang mga kaarawan
ni Jeroboam na anak ni Joas na hari sa Israel, na
dalawang taon bago lumindol. 2 At kaniyang sinabi, Ang
Panginoon ay aangal mula sa Sion, at sisigaw ng kaniyang
tinig mula sa Jerusalem; at ang mga pastulan ng mga
pastor ay mananambitan, at ang taluktok ng Carmelo ay
matutuyo. 3 Ganito ang sabi ng Panginoon: Dahil sa tatlong
pagsalangsang ng Damasco, oo, dahil sa apat, hindi ko
ihihiwalay ang kaparusahan sa kaniya; sapagka't kanilang
giniik ang Galaad ng panggiik na bakal. 4 Nguni't aking
susuguin ang isang apoy sa loob ng bahay ni Hazael, at
susupukin niyaon ang mga palacio ni Ben-hadad. 5 At aking
iwawasak ang halang ng Damasco, at aking ihihiwalay ang
mananahan mula sa libis ng Aven, at siyang humahawak
ng cetro mula sa bahay ng Eden; at ang bayan ng Siria
ay papasok sa pagkabihag hanggang sa Chir, sabi ng
Panginoon. 6 Ganito ang sabi ng Panginoon: Dahil sa
tatlong pagsalangsang ng Gaza, oo, dahil sa apat, hindi ko
ihihiwalay ang kaparusahan sa kaniya; sapagka't kanilang
dinalang bihag ang buong bayan, upang ibigay sa Edom.
7 Nguni't ako'y magsusugo ng isang apoy sa kuta ng
Gaza, at susupukin niyaon ang mga palacio niyaon: 8 At
aking ihihiwalay ang mananahan mula sa Asdod, at siyang
humahawak ng cetro mula sa Ascalon; at aking ipipihit ang
aking kamay laban sa Ecron, at ang nalabi sa mga Filisteo
ay malilipol, sabi ng Panginoong Dios. 9 Ganito ang sabi ng
Panginoon: Dahil sa tatlong pagsalangsang ng Tiro, oo, dahil
sa apat, hindi ko ihihiwalay ang kaparusahan sa kaniya;
sapagka't kanilang ibinigay ang buong bayan sa Edom, at
hindi inalaala ang tipan ng pagkakapatiran. 10 Nguni't ako'y
magsusugo ng isang apoy sa kuta ng Tiro, at susupukin
niyaon ang mga palacio niyaon. 11 Ganito ang sabi ng
Panginoon: Dahil sa tatlong pagsalangsang ng Edom, oo,
dahil sa apat, hindi ko ihihiwalay ang kaparusahan sa kaniya;
sapagka't hinabol niya ng tabak ang kaniyang kapatid, at
ipinagkait ang buong habag, at ang kaniyang galit ay laging
nanglilipol, at taglay niya ang kaniyang poot magpakailan
man. 12 Nguni't magsusugo ako ng isang apoy sa Teman, at
susupukin niyaon ang mga palacio sa Bozra. 13 Ganito ang
sabi ng Panginoon: Dahil sa tatlong pagsalangsang ng mga
anak ni Ammon, oo, dahil sa apat, hindi ko ihihiwalay ang
kaparusahan sa kanila; sapagka't kanilang pinaluwa ang
bituka ng mga babaing nagdadalang tao sa Galaad, upang
kanilang mapalapad ang kanilang hangganan. 14 Nguni't
aking papagniningasin ang isang apoy sa kuta ng Rabba, at
susupukin niyaon ang mga palacio niyaon, na may hiyawan
sa kaarawan ng pagbabaka, na may bagyo sa kaarawan ng
ipoipo; 15 At ang kanilang hari ay papasok sa pagkabihag,
siya at ang kaniyang mga prinsipe na magkakasama, sabi
ng Panginoon.

2 Ganito ang sabi ng Panginoon: Dahil sa tatlong
pagsalangsang ng Moab, oo, dahil sa apat, hindi ko
ihihiwalay ang kaparusahan sa kaniya; sapagka't kaniyang
sinunog ang mga buto ng hari sa Edom na pinapaging
apog. 2 Nguni't ako'y magsusugo ng isang apoy sa Moab,
at susupukin niyaon ang mga palacio ng Cherioth; at ang
Moab ay mamamatay na may kaingay, may hiyawan, at
may tunog ng pakakak. 3 At aking ihihiwalay ang hukom sa
gitna niyaon, at papatayin ko ang lahat na prinsipe niyaon
na kasama niya, sabi ng Panginoon. 4 Ganito ang sabi ng
Panginoon: Dahil sa tatlong pagsalangsang ng Juda, oo,
dahil sa apat, hindi ko ihihiwalay ang kaparusahan sa kaniya;
sapagka't kanilang itinakuwil ang kautusan ng Panginoon, at
hindi iningatan ang kaniyang mga palatuntunan, at iniligaw
sila ng kanilang mga pagbubulaan, ayon sa inilakad ng
kanilang mga magulang. 5 Nguni't magsusugo ako ng
isang apoy sa Juda; at susupukin niyaon ang mga palacio
ng Jerusalem. 6 Ganito ang sabi ng Panginoon, Dahil sa
tatlong pagsalangsang ng Israel, oo, dahil sa apat, hindi ko
ihihiwalay ang kaparusahan sa kaniya; sapagka't kanilang
ipinagbili ang matuwid dahil sa pilak, at ang mapagkailangan
sa dalawang paang panyapak; 7 Na iniimbot ang alabok
sa lupa na nasa ulo ng dukha, at inililiko ang lakad ng
maamo: at ang magama ay sumisiping sa isang dalaga,
upang lapastanganin ang aking banal na pangalan: 8 At
sila'y nangahihiga sa tabi ng lahat na dambana, sa ibabaw
ng mga kasuutang sangla; at sa bahay ng kanilang Dios ay
nagsisiinom ng alak ng mga multa. 9 Gayon ma'y nililipol ko
ang Amorrheo sa harap nila, na ang taas ay gaya ng taas
ng mga cedro, at siya'y malakas na gaya ng mga encina;
gayon ma'y nilipol ko ang kaniyang bunga sa itaas, at ang
kaniyang mga ugat sa ilalim. 10 Iniahon ko rin kayo sa lupain
ng Egipto, at pinatnubayan ko kayong apat na pung taon
sa ilang, upang ariin ninyo ang lupain ng Amorrheo. 11 At
nagbangon ako sa inyong mga anak ng mga propeta, at sa
inyong mga binata ng mga Nazareo. Di baga gayon, Oh
kayong mga anak ng Israel? sabi ng Panginoon. 12 Nguni't
binigyan ninyo ang mga Nazareo ng alak na maiinom, at
inutusan ninyo ang mga propeta, na sinasabi, Huwag kayong
manganghuhula. 13 Narito, aking huhutukin kayo sa inyong
dako, na gaya ng isang karong nahuhutok na puno ng mga
bigkis. 14 At ang pagtakas ay mapapawi sa matulin; at ang
malakas ay hindi makaaasa sa kaniyang kalakasan; ni ang
makapangyarihan man ay makapagliligtas sa sarili; 15 Ni

makatitindig man siyang humahawak ng busog; at siyang
matulin sa paa ay hindi makaliligtas; ni siya mang nakasakay
sa kabayo ay makaliligtas: 16 At siya na matapang sa mga
makapangyarihan ay tatakas na hubad sa araw na yaon,
sabi ng Panginoon.

3 Dinggin ninyo ang salitang ito na sinalita ng Panginoon
laban sa inyo, Oh mga anak ni Israel, laban sa buong
angkan na aking iniahon mula sa lupain ng Egipto, na
sinasabi, 2 Kayo lamang ang aking nakilala sa lahat ng
angkan sa lupa: kaya't aking dadalawin sa inyo ang lahat
ninyong kasamaan. 3 Makalalakad baga ang dalawa na
magkasama, liban na sila'y magkasundo? 4 Uungal baga
ang leon sa gubat, kung wala siyang huli? sisigaw baga
ang batang leon sa kaniyang yungib, kung wala siyang
huling anoman? 5 Malalaglag baga ang ibon sa silo sa
ibabaw ng lupa, ng walang silo sa kaniya? lulukso baga
ang panghuli mula sa lupa, at walang nahuling anoman? 6
Tutunog baga ang pakakak sa bayan, at ang bayan ay hindi
manginginig? sasapit baga ang kasamaan sa bayan, at hindi
ginawa ng Panginoon? 7 Tunay na ang Panginoong Dios ay
walang gagawin, kundi kaniyang ihahayag ang kaniyang
lihim sa kaniyang mga lingkod na mga propeta. 8 Ang leon
ay umungal, sinong di matatakot? Ang Panginoong Dios
ay nagsalita; sinong hindi manghuhula? 9 Ihayag ninyo
sa mga palacio sa Asdod, at sa mga palacio sa lupain
ng Egipto, at inyong sabihin, Magpipisan kayo sa mga
bundok ng Samaria, at inyong masdan kung anong laking
ingay ang nandoon, at kung anong pahirap ang nasa gitna
niyaon. 10 Sapagka't hindi sila marunong magsigawa ng
matuwid, sabi ng Panginoon, na nagiimbak ng pangdadahas
at pagnanakaw sa kanilang mga palacio. 11 Kaya't ganito
ang sabi ng Panginoong Dios: Kaaway ay paririto sa palibot
ng lupain; at kaniyang ibabagsak ang lakas mo sa iyo, at
ang iyong mga palacio ay sasamsaman. 12 Ganito ang sabi
ng Panginoon: Kung paanong inaagaw ng pastor sa bibig
ng leon ang dalawang hita, o ang isang putol ng tainga;
gayon ililigtas ang mga anak ni Israel na nangauupo sa
Samaria sa sulok ng hiligan, at sa mga sedang colchon ng
higaang malaki. 13 Dinggin ninyo, at patotohanan ninyo
laban sa sangbahayan ni Jacob, sabi ng Panginoong Dios,
ng Dios ng mga hukbo. 14 Sapagka't sa araw na aking
dadalawin ang mga pagsalangsang ng Israel sa kaniya,
aking dadalawin din ang mga dambana ng Beth-el, at ang
mga sungay ng dambana ay mahihiwalay, at malalaglag sa
lupa. 15 At aking sisirain ang bahay na pangtagginaw na
kasabay ng bahay na pangtaginit; at ang mga bahay na
garing ay mangawawala, at ang mga malaking bahay ay
magkakawakas, sabi ng Panginoon.

4 Dinggin ninyo ang salitang ito, Oh mga baka ng Basan,
na nangasa bundok ng Samaria, na nagsisipighati sa
mga dukha, na nagsisigipit sa mga mapagkailangan, na
nangagsasabi sa kanilang mga panginoon, Dalhin ninyo
rito, at ating inumin. 2 Ang Panginoong Dios ay sumumpa
sa pamamagitan ng kaniyang kabanalan, na, narito, ang
mga kaarawan ay darating sa inyo, na kanilang huhulihin
kayo ng mga taga ng bingwit, at ang nalabi sa inyo ay
ng mga pamingwit. 3 At kayo'y magsisilabas sa mga sira,
na bawa't isa'y tuloytuloy; at kayo'y mangagpapakatapon
sa Harmon, sabi ng Panginoon. 4 Magsiparoon kayo sa
Beth-el, at magsisalangsang kayo; sa Gilgal, at paramihin
ninyo ang pagsalangsang; at inyong dalhin ang inyong mga
hain tuwing umaga, at ang inyong mga ikasangpung bahagi
tuwing tatlong araw; 5 At kayo'y mangaghandog ng hain
ng pasasalamat na may lebadura, at kayo'y mangaghayag
ng kusang mga handog at inyong itanyag; sapagka't ito'y
nakalulugod sa inyo, Oh ninyong mga anak ni Israel, sabi ng
Panginoong Dios. 6 At binigyan ko naman kayo ng kalinisan
ng mga ngipin sa lahat ninyong mga bayan, at kakulangan
ng tinapay sa lahat ninyong mga dako; gayon ma'y hindi
kayo nanganumbalik sa akin, sabi ng Panginoon. 7 At akin
namang pinigil ang ulan sa inyo, nang tatlong buwan na
lamang at pagaani na; at aking pinaulan sa isang bayan,
at hindi ko pinaulan sa kabilang bayan: isang bahagi ay
inulanan, at ang bahagi na hindi inulanan ay natuyo. 8 Sa
gayo'y dalawa o tatlong bayan ay nagsigala sa isang bayan
upang magsiinom ng tubig, at hindi nangapawi ang uhaw:
gayon ma'y hindi kayo nanganumbalik sa akin, sabi ng
Panginoon. 9 Aking sinalot kayo ng pagkalanta at ng amag:
ang karamihan ng inyong mga halaman, at ng inyong mga
ubasan, at ng inyong mga igusan, at ng inyong mga olibohan
ay nilipol ng tipaklong: gayon ma'y hindi kayo nanganumbalik
sa akin, sabi ng Panginoon. 10 Aking pinarating sa gitna
ninyo ang salot na gaya ng sa Egipto: ang inyong mga binata
ay pinatay ko ng tabak, at dinala ko ang inyong mga kabayo;
at aking pinaalingasaw ang baho ng inyong kampamento
hanggang sa inyong mga butas ng ilong; gayon ma'y hindi
kayo nanganumbalik sa akin, sabi ng Panginoon. 11 Aking
ibinuwal ang iba sa inyo, gaya nang ibuwal ng Dios ang
Sodoma at Gomorra, at kayo'y naging gaya ng dupong na
naagaw sa apoy: gayon ma'y hindi kayo nanganumbalik sa
akin, sabi ng Panginoon. 12 Kaya't ganito ang gagawin ko sa
iyo, Oh Israel; at yamang aking gagawin ito sa iyo, humanda
kang salubungin mo ang iyong Dios, Oh Israel. 13 Sapagka't,
narito, siyang nagaanyo ng mga bundok, at lumilikha ng
hangin, at nagpapahayag sa tao kung ano ang kaniyang
pagiisip; na nagpapadilim ng umaga, at yumayapak sa mga

mataas na dako ng lupa, ang Panginoon, ang Dios ng mga
hukbo ay siya niyang pangalan.

**5** Dinggin ninyo ang salitang ito na aking itinataghoy sa
inyo, Oh sangbahayan ni Israel. **2** Ang dalaga ng Israel ay
nabuwal; siya'y hindi na magbabangon pa, siya'y nahagis sa
kaniyang lupain; walang magbangon sa kaniya. **3** Sapagka't
ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Ang bayan na lalabas
na isang libo, maiiwang isang daan, at ang lalabas na isang
daan ay maiiwang sangpu, sa sangbahayan ni Israel. **4**
Sapagka't ganito ang sabi ng Panginoon sa sangbahayan
ni Israel; Hanapin ninyo ako, at kayo'y mangabubuhay; **5**
Nguni't huwag ninyong hanapin ang Beth-el, ni magsipasok
man sa Gilgal, at huwag kayong magsidaan sa Beer-
seba: sapagka't walang pagsala ang Gilgal ay papasok sa
pagkabihag, at ang Beth-el ay mauuwi sa wala. **6** Inyong
hanapin ang Panginoon, at kayo'y mangabubuhay; baka
siya'y sumigalbong parang apoy sa sangbahayan ni Jose,
at supukin yaon, at sa Beth-el ay walang makapapatay
niyaon: **7** Kayong nagpapaging ajenjo sa kahatulan, at
nagwawaksi ng katuwiran sa lupa. **8** Inyong hanapin ang
lumikha ng mga Pleyades at ng Orion, at ang lilim ng
kamatayan ay pinapaging umaga, pinapagdilim ang araw
sa pamamagitan ng gabi; yaong tumatawag sa tubig sa
dagat, at nagbubugso ng mga yaon sa ibabaw ng lupa
(Panginoon ang siya niyang pangalan); **9** Yaong nagdadala
ng biglang kabuwalan sa malakas, na anopa't ang pagkasira
ay dumarating sa katibayan. **10** Kanilang kinapopootan ang
nananaway sa pintuang-bayan, at kanilang kinasusuklaman
ang nagsasalita ng matuwid. **11** Palibhasa nga't inyong
niyayapakan ang dukha, at inyong hinihingan siya ng
trigo: kayo'y nangagtayo ng mga bahay na batong tinabas,
nguni't hindi ninyo tatahanan; kayo'y nangagtanim ng mga
maligayang ubasan, nguni't hindi kayo magsisiinom ng alak
niyaon. **12** Sapagka't talastas ko kung gaano karami ang
inyong mga pagsalangsang, at kung gaano kalaki ang inyong
mga kasalanan: kayong nagsisidalamhati sa ganap, na
kinukunan ninyo ng suhol, at inyong inililigaw sa kanilang
matuwid ang mapagkailangan sa pintuang-bayan. **13** Kaya't
siya na mabait ay tatahimik sa panahong yaon; sapagka't
masamang panahon. **14** Magsihanap kayo ng kabutihan, at
huwag kasamaan, upang kayo'y mangabuhay; at sa gayo'y
ang Panginoon, ang Dios ng mga hukbo, ay sasa inyo, gaya
ng inyong sinasabi. **15** Inyong kapootan ang masama, at
ibigin ang mabuti, at kayo'y mangagtatatag ng kahatulan
sa pintuang-bayan: marahil ang Panginoon, ang Dios ng
mga hukbo ay magiging mapagbiyaya sa nalabi sa Jose.
**16** Kaya't ganito ang sabi ng Panginoon, ng Dios ng mga
hukbo, ng Panginoon: Panaghoy ay sa lahat na daan; at
sila'y mangagsasabi sa lahat na lansangan, Sa aba! sa aba!
at kanilang tatawagin ang mangbubukid sa pananambitan, at
ang lahat na bihasa sa pananaghoy sa pagtaghoy. **17** At sa
lahat ng ubasan ay magkakaroon ng panaghoy; sapagka't
ako'y daraan sa gitna mo, sabi ng Panginoon. **18** Sa aba
ninyo na nangagnanasa ng kaarawan ng Panginoon! bakit
ninyo ninanasa ang kaarawan ng Panginoon? kadiliman nga,
at hindi kaliwanagan. **19** Gaya ng kung ang tao ay tumatakas
sa leon, at isang oso ang sumasalubong sa kaniya; o
pumapasok sa bahay at ikinakapit ang kaniyang kamay
sa pinid, at isang ahas ang tumutuka sa kaniya. **20** Hindi
baga magiging kadiliman ang kaarawan ng Panginoon, at
hindi kaliwanagan? na totoong madilim, at walang ningning?
**21** Aking kinapopootan, aking hinahamak ang inyong mga
kapistahan, at hindi ako malulugod sa inyong mga takdang
kapulungan. **22** Oo, bagaman inyong ihandog sa akin ang
inyong mga handog na susunugin at mga handog na harina,
hindi ko tatanggapin; ni akin mang kalulugdan ang mga
handog tungkol sa kapayapaan na inyong mga matabang
hayop. **23** Ihiwalay mo sa akin ang ingay ng iyong mga awit;
sapagka't hindi ko didinggin ang tinig ng iyong mga biola. **24**
Kundi bumugso ang katarungan na parang tubig, at ang
katuwiran na parang malakas na agos. **25** Nagdala baga
kayo sa akin ng mga hain, at ng mga handog sa ilang na
apat na pung taon, Oh sangbahayan ni Israel? **26** Oo, inyong
pinasan ang tabernakulo ng inyong hari at ang dambana
ng inyong mga larawan, ang bituin ng inyong dios, na
inyong ginawa para sa inyong sarili. **27** Kaya't kayo'y aking
papapasukin sa pagkabihag sa dako roon ng Damasco, sabi
ng Panginoon, na ang pangala'y Dios ng mga hukbo.

**6** Sa aba nila na nangagwawalang bahala sa Sion, at nila
na mga tiwasay sa bundok ng Samaria, na magigiting
na lalake sa mga pangulong bansa, ng mga pinagsasadya
ng sangbahayan ni Israel! **2** Magsidaan kayo sa Calne,
at inyong tingnan; at mula roon ay magsiparoon kayo sa
Hamath na malaki; kung magkagayo'y magsibaba kayo
sa Gath ng mga Filisteo: magaling baga sila kay sa mga
kahariang ito? o malaki baga ang kanilang hangganan
kay sa inyong hangganan? **3** Kayong nangaglalayo ng
masamang araw at nangagpapalit ng likmuan ng karahasan;
**4** Na nangahihiga sa mga higaang garing, at nagsisiunat sa
kanilang mga hiligan, at nagsisikain ng mga batang tupa
na mula sa kawan, at ng mga guya na mula sa gitna ng
kulungan; **5** Na nagsisiawit ng mga pagayongayong awit
sa tinig ng biola; na nagsisikatha sa ganang kanilang sarili
ng mga panugtog ng tugtugin, na gaya ni David; **6** Na
nagsisiinom ng alak sa mga mankok, at nagsisipagpahid ng
mga mainam na pabango; nguni't hindi nangahahapis sa
pagdadalamhati ng Jose. **7** Sila nga ngayo'y magsisiyaong
bihag na kasama ng unang nagsiyaong bihag, at ang

kasayahan nila na nagsisihiga ay mapaparam. **8** Ang
Panginoong Dios ay sumumpa sa kaniyang sarili, sabi ng
Panginoon, ng Dios ng mga hukbo: Aking kinayayamutan
ang karilagan ng Jacob, at aking kinapopootan ang kaniyang
mga palacio; kaya't aking ibibigay ang bayan sangpu ng
lahat na nandoon. **9** At mangyayari, kung may matirang
sangpung tao sa isang bahay, na pawang mangamamatay.
**10** At pagka itataas siya ng amain, sa makatuwid baga'y ng
sumusunog sa kaniya, upang ilabas ang mga buto sa bahay,
at sasabihin doon sa nasa pinakaloob ng bahagi ng bahay,
May kasama ka pa bagang sinoman? at kaniyang sasabihin:
Wala; kung magkagayo'y kaniyang sasabihin: Tumahimik
ka; sapagka't hindi natin mababanggit ang pangalan ng
Panginoon. **11** Sapagka't narito, naguutos ang Panginoon,
at ang malaking bahay ay magkakasira, at ang munting
bahay ay magkakabutas. **12** Tatakbo baga ang mga kabayo
sa malaking bato? magaararo baga roon ang sino man sa
pamamagitan ng mga toro? inyo ngang ginagawang kapaitan
ang katarungan, at ajenjo ang bunga ng katuwiran, **13**
Kayong nangagagalak sa isang bagay na walang kabuluhan
na nangagsasabi; Di baga kami ay nagtaglay para sa amin ng
mga sungay sa pamamagitan ng aming sariling kalakasan?
**14** Sapagka't, narito, aking ititindig laban sa inyo ang isang
bansa, Oh sangbahayan ni Israel, sabi ng Panginoon, ng
Dios ng mga hukbo; at kanilang pagdadalamhatiin kayo
mula sa pasukan sa Hamath hanggang sa batis ng Araba.

**7** Ganito nagpakita sa akin ang Panginoong Dios: at,
narito, siya'y lumikha ng mga balang sa pasimula ng
huling pagsibol ng suwi; at, narito, na siyang huling suwi
pagkatapos ng mga gapas para sa hari. **2** At nangyari, na
nang kanilang matapos makain ang pananim sa lupain, akin
ngang sinabi, Oh Panginoong Dios, isinasamo ko sa iyo,
na magpatawad ka: paanong tatayo ang Jacob? sapagka't
siya'y maliit. **3** Ang Panginoo'y nagsisi tungkol dito, Hindi
mangyayari, sabi ng Panginoon. **4** Ganito nagpakita sa
akin ang Panginoong Dios: at, narito, ang Panginoong Dios
ay tumawag, upang humatol sa pamamagitan ng apoy; at
sinupok ang malaking kalaliman, at susupukin sana ang
lupain. **5** Nang magkagayo'y sinabi ko, Oh Panginoong
Dios, itigil mo, isinasamo ko sa iyo: paanong makatatayo
ang Jacob? sapagka't siya'y maliit. **6** Ang Panginoo'y
nagsisi tungkol dito: Ito'y hindi rin mangyayari, sabi ng
Panginoong Dios. **7** Ganito siya nagpakita sa akin: at, narito,
ang Panginoon ay nakatayo sa tabi ng isang kuta na ang
pagkayari ay ayon sa pabatong tingga, na may pabatong
tingga sa kaniyang kamay. **8** At sinabi ng Panginoon sa akin,
Amos, anong iyong nakikita? At aking sinabi, Isang pabatong
tingga. Nang magkagayo'y sinabi ng Panginoon, Narito,
ako'y maglalagay ng pabatong tingga sa gitna ng aking
bayang Israel; hindi na ako magdadaan pa sa kanila; **9** At
ang mga mataas na dako ng Isaac ay magiging sira, at ang
mga santuario ng Israel ay mangahahandusay na wasak; at
ako'y babangon na may tabak laban sa sangbahayan ni
Jeroboam. **10** Nang magkagayo'y nagsugo si Amasias na
saserdote sa Beth-el kay Jeroboam na hari sa Israel, na
nagsasabi, Si Amos ay nagbanta laban sa iyo sa gitna ng
sangbahayan ni Israel: hindi mababata ng lupain ang lahat
niyang mga salita. **11** Sapagka't ganito ang sabi ni Amos, Si
Jeroboam ay mamamatay sa pamamagitan ng tabak, at
ang Israel ay walang pagsalang dadalhing bihag mula sa
kaniyang lupain. **12** Sinabi rin ni Amasias kay Amos, Oh
ikaw na tagakita, yumaon ka, at tumakas ka sa lupain ng
Juda, at doo'y kumain ka ng tinapay, at manghula ka roon:
**13** Nguni't huwag ka nang manghula pa sa Beth-el: sapagka't
siyang santuario ng hari, at siyang bahay-hari. **14** Nang
magkagayo'y sumagot si Amos, at nagsabi kay Amasias,
Ako'y hindi propeta, o anak man ng propeta; kundi ako'y
pastor, at manggagawa sa mga puno ng sikomoro: **15** At
kinuha ako ng Panginoon mula sa pagsunod sa kawan, at
sinabi ng Panginoon sa akin, Ikaw ay yumaon, manghula
ka sa aking bayang Israel. **16** Kaya't ngayo'y dinggin mo
ang salita ng Panginoon, Iyong sinasabi, Huwag kang
manghula laban sa Israel, at huwag mong ihulog ang iyong
salita laban sa sangbahayan ni Isaac: **17** Kaya't ganito ang
sabi ng Panginoon, Ang iyong asawa ay magiging patutot
sa bayan, at ang iyong mga anak na lalake at babae ay
mangabubuwal sa pamamagitan ng tabak, at ang iyong
lupain ay mababahagi sa pamamagitan ng pising panukat; at
ikaw ay mamamatay sa isang lupaing marumi, at ang Israel
ay walang pagsalang dadalhing bihag mula sa kaniyang
lupain.

**8** Ganito nagpakita ang Panginoong Dios sa akin: at, narito,
ang isang bakol ng bunga ng taginit. **2** At kaniyang sinabi,
Amos, anong iyong nakikita? At aking sinabi, Isang bakol ng
bunga ng taginit. Nang magkagayo'y sinabi ng Panginoon sa
akin, Ang wakas ay dumating sa aking bayang Israel; hindi
na ako daraan pa uli sa kanila. **3** At ang mga awit sa templo
ay magiging mga pananambitan sa araw na yaon, sabi ng
Panginoong Dios: ang mga bangkay ay magiging marami;
sa bawa't dako ay tahimik silang itatapon. **4** Pakinggan ninyo
ito, Oh kayong nananakmal ng mapagkailangan, at inyong
pinagkukulang ang dukha sa lupain, **5** Na sinasabi, Kailan
daraan ang bagong buwan, upang tayo'y makapagbili ng
gugulayin at ang sabbath, upang ating mailabas ang trigo?
na gawing munti ang efa, at malaki ang siklo, at gumawa ng
karayaan sa magdarayang timbangan; **6** Upang ating mabili
ng pilak ang dukha, at ng dalawang paang panyapak ang
mapagkailangan, at maipagbili ang pinagbithayan sa trigo. **7**

Ang Panginoon ay sumumpa alangalang sa karilagan ng
Jacob, Tunay na hindi ko kalilimutan kailan man ang alin man
sa kanilang mga gawa. 8 Hindi baga manginginig ang lupain
dahil dito, at mananaghoy ang bawa't tumatahan doon? oo,
sasampang buo na gaya ng Ilog; at mababagabag at lulubog
uli, gaya ng Ilog ng Egipto. 9 At mangyayari sa araw na
yaon, sabi ng Panginoong Dios, na aking palulubugin ang
araw sa katanghaliang tapat, at aking padidilimin ang lupa
sa maliwanag na araw. 10 At aking papalitan ng panaghoy
ang inyong mga kapistahan, at taghoy ang lahat ninyong
awit; at ako'y maglalagay ng kayong magaspang sa lahat na
balakang, at kakalbuhan sa bawa't ulo; at aking gagawing
gaya ng pagtaghoy sa isang bugtong na anak, at ang wakas
niyaon ay gaya ng mapanglaw na araw. 11 Narito, ang
mga araw ay dumarating, sabi ng Panginoong Dios, na
ako'y magpapasapit ng kagutom sa lupain, hindi kagutom sa
tinapay, o kauhawan man dahil sa tubig, kundi sa pagkarinig
ng mga salita ng Panginoon. 12 At sila'y magsisilaboy sa
dagat at dagat, at mula sa hilagaan hanggang sa silanganan;
sila'y magsisitakbo ng paroo't parito upang hanapin ang salita
ng Panginoon, at hindi masusumpungan. 13 Sa araw na yaon
ay manglulupaypay sa uhaw ang mga magandang dalaga at
ang mga binata. 14 Silang nagsisisumpa sa pamamagitan
ng kasalanan ng Samaria, at nagsasabi, Buhay ang Dios
mo, Oh Dan; at, Buhay ang daan ng Beer-seba; sila'y
mangabubuwal, at kailan may hindi na mangakababangon.

**9** Aking nakita ang Panginoon na nakatayo sa tabi
ng dambana: at kaniyang sinabi, Hampasin mo ang
mga kapitel, upang ang mga tungtungan ay mauga; at
mangagkaputolputol sa ulo nilang lahat; at aking papatayin
ng tabak ang huli sa kanila: walang makatatakas sinoman
sa kanila, at walang makatatanang sinoman sa kanila. 2
Bagaman sila'y humukay hanggang sa Sheol, mula roo'y
kukunin sila ng aking kamay; at bagaman sila'y sumampa
hanggang sa langit, mula roo'y ibababa ko sila. **(Sheol h7585)**
3 At bagaman sila'y magsipagtago sa taluktok ng Carmelo,
aking hahanapin at kukunin sila mula roon; at bagaman sila'y
magsikubli sa aking paningin sa gitna ng dagat, mula roo'y
uutusan ko ang ahas, at tutukain niyaon sila. 4 At bagaman
sila'y magsipasok sa pagkabihag sa harap ng kanilang
mga kaaway, mula roon ay aking uutusan ang tabak, at
papatayin niyaon sila: at aking itititig ang aking mga mata sa
kanila sa ikasasama, at hindi sa ikabubuti. 5 Sapagka't ang
Panginoon, ang Dios ng mga hukbo, ay siyang humihipo
ng lupain at natutunaw, at lahat na nagsisitahan doon ay
magsisitangis; at babangong samasama na gaya ng Ilog, at
lulubog uli, na gaya ng Ilog ng Egipto; 6 Siya na gumawa
ng kaniyang mga silid sa langit, at kumatha ng kaniyang
balantok sa lupa; siya na tumatawag ng tubig sa dagat at
ibinubugso sa ibabaw ng lupa; Panginoon ang kaniyang
pangalan. 7 Di baga kayo'y parang mga anak ng mga taga
Etiopia sa akin, Oh mga anak ni Israel? sabi ng Panginoon.
Hindi ko baga pinasampa ang Israel mula sa lupain ng
Egipto, at ang mga Filisteo, ay mula sa Caphtor, at ang
mga taga Siria ay sa Chir? 8 Narito, ang mga mata ng
Panginoong Dios ay nasa makasalanang kaharian, at aking
ipapahamak mula sa ibabaw ng lupa; liban na hindi ko
lubos na ipapahamak ang sangbahayan ni Jacob, sabi ng
Panginoon. 9 Sapagka't, narito, ako'y maguutos, at aking
sasalain ang sangbahayan ni Israel sa gitna ng lahat na
bansa, gaya ng trigo na nabithay sa isang bithay, gayon
ma'y hindi malalaglag sa lupa ang pinakamaliit na butil. 10
Lahat na makasalanan sa aking bayan ay mangamamatay
sa pamamagitan ng tabak, na nangagsasabi, Ang kasamaan
ay hindi aabot sa atin o mauuna man sa atin. 11 Sa araw na
yaon ay ibabangon ko ang tabernakulo ni David na buwal,
at tatakpan ko ang mga sira niyaon; at ibabangon ko ang
mga guho niyaon, at aking itatayo na gaya ng mga araw
ng una; 12 Upang kanilang ariin ang nalabi sa Edom, at
ang lahat na bansa na mga tinatawag sa aking pangalan,
sabi ng Panginoon na gumagawa nito, 13 Narito, ang mga
kaarawan ay dumarating, sabi ng Panginoon, na aabutan ng
mangaararo ang mangaani, at ng mamimisa ng ubas ang
magtatanim ng binhi; at ang mga bundok ay papatak ng
matamis na alak, at lahat na burol ay mangatutunaw. 14 At
akin uling ibabalik ang nangabihag sa aking bayang Israel, at
kanilang itatayo ang mga wasak na bayan, at tatahanan nila;
at sila'y mangaguubasan, at magsisiinom ng alak niyaon;
magsisigawa rin sila ng mga halamanan, at magsisikain ng
bunga ng mga yaon. 15 At aking itatatag sila sa kanilang
lupain; at hindi na sila mabubunot pa sa kanilang lupain, na
aking ibinigay sa kanila, sabi ng Panginoon mong Dios.

# Obadias

1 Ang pangitain ni Obadias. Ganito ang sabi ng Panginoong
Dios tungkol sa Edom, Kami ay nakarinig ng mga balita na
mula sa Panginoon, at isang sugo ay sinugo sa mga bansa,
na nagsasabi, Magsibangon kayo, at tayo'y mangagtindig
laban sa kaniya sa pakikipagbaka. 2 Narito, ginawa kitang
maliit sa mga bansa: ikaw ay lubhang hinamak. 3 Dinaya ka
ng kapalaluan ng iyong puso, Oh ikaw na tumatahan sa mga
bitak ng bato, na ang tahanan ay matayog; na nagsasabi
sa kaniyang puso, Sinong magbababa sa akin sa lupa? 4
Bagaman ikaw ay pailanglang sa itaas na parang aguila, at
bagaman ang iyong pugad ay malagay sa gitna ng mga
bituin, aking ibababa ka mula roon, sabi ng Panginoon. 5
Kung ang mga magnanakaw ay nagsiparoon sa iyo, kung
mga manglooob sa gabi (paano kang nahiwalay!) di baga sila
sana'y nangagnakaw hanggang sa sila'y nangagkaroon ng
sapat? kung mga mamimitas ng ubas ay nagsiparoon sa iyo,
di baga sila sana'y nangagiwan ng laglag na ubas? 6 Paano
nasiyasat ang mga bagay ng Esau! paano nasumpungan
ang kaniyang mga kayamanang natago! 7 Lahat na lalake
na iyong kaalam ay dinala ka sa iyong lakad, hanggang sa
hangganan: ang mga lalake na nangasa kapayapaan sa
iyo ay dinaya ka, at nanaig laban sa iyo; silang nagsisikain
ng iyong tinapay ay naglagay ng silo sa ilalim mo: walang
paguunawa sa kaniya. 8 Di ko baga lilipulin sa araw na
yaon, sabi ng Panginoon, ang mga pantas na tao sa Edom,
at papawiin ang unawa sa bundok ng Esau? 9 At ang iyong
mga makapangyarihang tao, Oh Teman, ay manglulupaypay,
palibhasa'y bawa't isa'y mahihiwalay sa bundok ng Esau
sa pamamagitan ng patayan. 10 Dahil sa karahasan na
ginawa sa iyong kapatid na Jacob ay kahihiyan ang tatakip
sa iyo, at ikaw ay mahihiwalay magpakailan man. 11
Nang araw na ikaw ay tumayo sa kabilang dako, nang
araw na dalhin ng mga taga ibang bayan ang kaniyang
kayamanan, at magsipasok ang mga mangingibang bayan
sa kaniyang mga pintuang-bayan at pagsapalaran ang
Jerusalem, ikaw man ay naging gaya ng isa sa kanila.
12 Huwag ka ngang magmasid sa araw ng iyong kapatid
sa kaarawan ng kaniyang kasakunaan, at huwag mong
ikagalak ang mga anak ni Juda sa kaarawan ng kanilang
pagkabuwal; ni magsalita mang may kapalaluan sa kaarawan
ng pagkahapis. 13 Huwag kang pumasok sa pintuan ng aking
bayan sa kaarawan ng kanilang kasakunaan; oo, huwag
mong masdan ang kanilang pagdadalamhati sa kaarawan ng
kanilang kasakunaan, o pakialaman man ninyo ang kanilang
kayamanan sa kaarawan ng kanilang kasakunaan. 14 At
huwag kang tumayo sa mga salubungang daan na ihiwalay
ang kaniya na tumatanan; at huwag mong ibigay ang kaniya
na nalabi sa kaarawan ng kapanglawan. 15 Sapagka't ang
kaarawan ng Panginoon ay malapit na, laban sa lahat ng
bansa: kung ano ang iyong gawin, ay siyang gagawin sa iyo;
ang iyong gawa ay babalik sa iyong sariling ulo. 16 Sapagka't
kung paanong kayo'y nagsiinom sa aking banal na bundok,
gayon magsisiinom na palagi ang lahat na bansa, oo, sila'y
magsisiinom, at magsisitungga, at magiging wari baga sila'y
hindi nangabuhay. 17 Nguni't sa bundok ng Sion ay doroon
yaong nangakatatanan, at magiging banal; at aariin ng
sangbahayan ni Jacob ang kaniyang mga pag-aari. 18 At
ang sangbahayan ni Jacob ay magiging isang apoy, at ang
sangbahayan ni Jose ay isang liyab, at ang sangbahayan
ni Esau ay dayami, at sila'y kanilang susunugin, at sila'y
susupukin; at walang malalabi sa sangbahayan ni Esau;
sapagka't sinalita ng Panginoon. 19 At silang sa Timugan, ay
mangagaari ng bundok ng Esau, at silang sa mababang
lupa ay ng mga Filisteo; at kanilang aariin ang parang ng
Ephraim, at ang parang ng Samaria; at aariin ng Benjamin
ang Galaad. 20 At ang mga bihag sa hukbong ito ng mga
anak ni Israel na nasa mga taga Canaan, ay magaari ng
hanggang sa Sarefat; at ang mga bihag sa Jerusalem na
nasa Sepharad ay magaari ng mga bayan ng Timugan. 21
At ang mga tagapagligtas ay magsisisampa sa bundok ng
Sion upang hatulan ang bundok ng Esau; at ang kaharian ay
magiging sa Panginoon.

# Jonas

**1** Ang salita nga ng Panginoon ay dumating kay Jonas na
anak ni Amittai, na nagsasabi, 2 Bumangon ka, pumaroon
ka sa Ninive, sa malaking bayang yaon, at humiyaw ka
laban doon; sapagka't ang kanilang kasamaan ay umabot sa
harap ko. 3 Nguni't si Jonas ay bumangon upang tumakas
na patungo sa Tarsis mula sa harapan ng Panginoon; at
siya'y lumusong sa Joppe, at nakasumpong ng sasakyan na
patungo sa Tarsis: sa gayo'y nagbayad siya ng upa niyaon,
at siya'y lumulan, upang yumaong kasama nila sa Tarsis
mula sa harapan ng Panginoon. 4 Nguni't ang Panginoon ay
nagpasapit ng malakas na hangin sa dagat, at nagkaroon ng
malakas na unos sa dagat, na anopa't ang sasakyan ay
halos masira. 5 Nang magkagayo'y nangatakot ang mga
taong dagat at dumaing ang bawa't tao sa kanikaniyang
dios; at kanilang inihagis sa dagat ang mga daladalahang
nangasa sasakyan upang makapagpagaan sa kanila. Nguni't
si Jonas ay bumaba sa pinakaloob na bahagi ng sasakyan;
at siya'y nahiga at nakatulog ng mahimbing. 6 Sa gayo'y
lumapit sa kaniya ang puno ng sasakyan, at sinabi sa
kaniya, Ano ang inaakala mo, O matutulugin? bumangon
ka, tumawag ka sa iyong Dios, baka sakaling alalahanin ng
Dios tayo, upang huwag tayong mangamatay. 7 At sinabi
ng bawa't isa sa kanila sa kaniyang kasama, Magsiparito
kayo at tayo'y mangagsapalaran, upang ating maalaman
kung dahil kanino dumating ang kasamaang ito sa atin. Sa
gayo'y nangagsapalaran sila, at ang palad ay nahulog kay
Jonas. 8 Nang magkagayo'y sinabi nila sa kaniya, Isinasamo
namin sa iyo na iyong saysayin sa amin, kung dahil kanino
dumating ang kasamaang ito sa atin; ano ang iyong hanap-
buhay? at saan ka nanggaling? ano ang iyong lupain? at
taga saang bayan ka? 9 At kaniyang sinabi sa kanila, Ako'y
isang Hebreo; at ako'y natatakot sa Panginoon, sa Dios ng
langit, na siyang gumawa ng dagat at ng tuyong lupain. 10
Nang magkagayo'y nangatakot na mainam ang mga tao,
at sinabi sa kaniya, Ano itong iyong ginawa? Sapagka't
talastas ng mga tao na siya'y tumatakas mula sa harapan
ng Panginoon, sapagka't isinaysay niya sa kanila, 11 Nang
magkagayo'y sinabi nila sa kaniya, Anong gagawin namin
sa iyo, upang ang dagat ay tumahimik sa atin? sapagka't
ang dagat ay lalo't lalong umuunos. 12 At sinabi niya sa
kanila, Ako'y inyong buhatin, at ihagis ninyo ako sa dagat;
sa gayo'y ang dagat ay tatahimik sa inyo: sapagka't talastas
ko na dahil sa akin dumating ang malaking unos na ito sa
inyo. 13 Gayon ma'y ang mga lalake ay nagsisigaod na
mainam upang bumalik sa lupa; nguni't hindi nila magawa;
sapagka't ang dagat ay lalo't lalong umuunos laban sa kanila.
14 Kaya't sila'y nagsidaing sa Panginoon, at nangagsabi,
Ipinamamanhik namin sa iyo, Oh Panginoon, ipinamamanhik
namin sa iyo, huwag mo kaming ipahamak dahil sa buhay
ng lalaking ito, at huwag mong ihulog sa amin ang walang
salang dugo; sapagka't ikaw, Oh Panginoon, iyong ginawa
ang nakalulugod sa iyo. 15 Sa gayo'y kanilang binuhat
si Jonas, at inihagis sa dagat; at ang dagat ay tumigil sa
kaniyang poot. 16 Nang magkagayo'y nangatakot na mainam
ang mga tao sa Panginoon; at sila'y nangaghandog ng
isang hain sa Panginoon, at nagsipanata. 17 At inihanda
ng Panginoon ang isang malaking isda upang lamunin si
Jonas; at si Jonas ay napasa tiyan ng isda na tatlong araw
at tatlong gabi.

**2** Nang magkagayo'y nanalangin si Jonas sa Panginoon
niyang Dios mula sa tiyan ng isda. 2 At kaniyang sinabi,
Tinawagan ko ang Panginoon dahil sa aking pagdadalamhati,
At siya'y sumagot sa akin; Mula sa tiyan ng Sheol ako'y
sumigaw, At iyong dininig ang aking tinig. **(Sheol h7585)** 3
Sapagka't inihagis mo ako sa kalaliman, sa gitna ng dagat,
At ang tubig ay nasa palibot ko; Ang lahat ng iyong alon at
lahat ng iyong malaking alon ay umaapaw sa akin. 4 At
aking sinabi, Ako'y nahagis mula sa harap ng iyong mga
mata; Gayon ma'y titingin ako uli sa iyong banal na templo.
5 Kinukulong ako ng tubig sa palibot hanggang sa kaluluwa;
Ang kalaliman ay nasa palibot ko; Ang mga damong dagat ay
pumilipit sa aking ulo. 6 Ako'y bumaba sa mga kaibaibabaan
ng mga bundok; Ang lupa sangpu ng kaniyang halang ay
tumakip sa akin magpakailan man: Gayon may isinampa
mo ang aking buhay mula sa hukay, Oh Panginoon kong
Dios. 7 Nang ang aking kaluluwa ay nanglupaypay sa loob
ko; naaalaala ko ang Panginoon; At ang aking dalangin ay
umabot sa loob ng iyong banal na templo. 8 Ang nagsisilingap
ng mga walang kabuluhang magdaraya Binabayaan ang
kanilang sariling kaawaan. 9 Nguni't ako'y maghahain sa
iyo ng tinig ng pasasalamat; Aking tutuparin yaong aking
ipinanata. Kaligtasa'y sa Panginoon. 10 At ang Panginoon
ay nagsalita sa isda, at iniluwa si Jonas sa tuyong lupa.

**3** At ang salita ng Panginoon ay dumating kay Jonas na
ikalawa, na nagsasabi, 2 Bumangon ka, pumaroon ka
sa Ninive, sa malaking bayang yaon, at ipangaral mo ang
pangaral na aking iniutos sa iyo. 3 Sa gayo'y bumangon si
Jonas, at naparoon sa Ninive, ayon sa salita ng Panginoon.
Ang Ninive nga ay totoong malaking bayan, na tatlong araw
na lakarin. 4 At pumasok si Jonas sa bayan na may isang
araw na gumagala, at siya'y sumigaw, at nagsasabi, Apat na
pung araw pa at ang Ninive ay mawawasak. 5 At ang bayan
ng Ninive ay sumampalataya sa Dios; at sila'y nangaghayag
ng ayuno, at nangagsuot ng kayong magaspang, mula sa
kadakidakilaan sa kanila hanggang sa kaliitliitan sa kanila.

6 At ang mga balita ay dumating sa hari sa Ninive, at
siya'y tumindig sa kaniyang luklukan, at hinubad niya ang
kaniyang balabal, at nagbalot siya ng kayong magaspang,
at naupo sa mga abo. 7 At kaniyang inihayag at itinanyag
sa buong Ninive sa pasiya ng hari at ng kaniyang mga
mahal na tao, na sinasabi, Huwag lumasa maging tao ni
hayop man, bakahan ni kawan man, ng anomang bagay:
huwag silang magsikain, ni magsiinom man ng tubig; 8
Kundi mangagbalot sila ng kayong magaspang, ang tao at
gayon din ang hayop, at magsidaing silang mainam sa Dios:
oo, talikdan ng bawa't isa ang kaniyang masamang lakad, at
ang pangdadahas na nasa kanilang mga kamay. 9 Sino
ang nakaaalam kung manumbalik ang Dios at magsisisi,
at hihiwalay sa kaniyang mabangis na galit, upang tayo'y
huwag mangamatay. 10 At nakita ng Dios ang kanilang mga
gawa, na sila'y nagsihiwalay sa kanilang masamang lakad;
at nagsisi ang Dios sa kasamaan, na kaniyang sinabing
kaniyang gagawin sa kanila; at hindi niya ginawa.

4 Nguni't naghinanakit na mainam si Jonas, at siya'y
nagalit. 2 At siya'y nanalangin sa Panginoon, at nagsabi,
Ako'y nakikipanayam sa iyo, Oh Panginoon, di baga ito
ang aking sinabi, nang ako'y nasa aking lupain pa? Kaya't
ako'y nagmadaling tumakas na patungo sa Tarsis; sapagka't
talastas ko na ikaw ay Dios na mapagbiyaya, at puspos
ng kahabagan, banayad sa pagkagalit, at sagana sa
kagandahang-loob, at nagsisisi ka sa kasamaan. 3 Kaya
nga, Oh Panginoon, isinasamo ko sa iyo, na kitlin mo ang
aking buhay; sapagka't mabuti sa akin ang mamatay kay sa
mabuhay. 4 At sinabi ng Panginoon, Mabuti baga ang iyong
ginagawa na magalit? 5 Nang magkagayo'y lumabas si
Jonas sa bayan, at naupo sa dakong silanganan ng bayan,
at doo'y gumawa siya ng isang balag, at naupo siya sa ilalim
niyaon sa lilim, hanggang sa kaniyang makita kung ano
ang mangyayari sa bayan. 6 At naghanda ang Panginoong
Dios ng isang halamang kikayon, at pinataas sa itaas ni
Jonas, upang maging lilim sa kaniyang ulo, upang iligtas
siya sa kaniyang masamang kalagayan. Sa gayo'y natuwang
mainam si Jonas dahil sa kikayon. 7 Nguni't naghanda
ang Dios ng isang uod nang magumaga nang kinabukasan
at sinira ang halamang kikayon, na anopa't natuyo. 8 At
nangyari, nang sumikat ang araw, na naghanda ang Dios
ng mainit na hanging silanganan; at sinikatan ng araw ang
ulo ni Jonas, na anopa't siya'y nanglupaypay, at hiniling
niya tungkol sa kaniya na siya'y mamatay, at nagsasabi,
Mabuti sa akin ang mamatay kay sa mabuhay. 9 At sinabi ng
Dios kay Jonas, Mabuti baga ang ginagawa mo na magalit
dahil sa kikayon? At kaniyang sinabi, Mabuti ang ginagawa
ko na magalit hanggang sa kamatayan. 10 At sinabi ng
Panginoon, Ikaw ay nanghinayang sa kikayon na hindi mo
pinagpagalan o pinatubo man; na sumampa sa isang gabi, at
nawala sa isang gabi: 11 At hindi baga ako manghihinayang
sa Ninive, sa malaking bayang yaon, na mahigit sa isang
daan at dalawang pung libong katao na hindi marunong
magmunimuni ng kanilang kamay at ng kanilang kaliwang
kamay; at marami ring hayop?

# Mikas

1 Ang Salita ng Panginoon na dumating kay Mikas na
Morastita, nang mga kaarawan ni Jotham, ni Achaz, at ni
Ezechias, na mga hari sa Juda, na nakakita ng tungkol sa
Samaria at sa Jerusalem. 2 Dinggin ninyong mga bayan,
ninyong lahat; dinggin mo, Oh lupa, at ng lahat na nasa iyo:
at ang Panginoong Dios ay maging saksi laban sa iyo, ang
Panginoon mula sa kaniyang banal na templo. 3 Sapagka't,
narito, ang Panginoo'y lumalabas sa kaniyang dako, at
bababa, at yayapak sa mga mataas na dako ng lupa. 4 At
ang mga bundok ay mangatutunaw sa ilalim niya, at ang
mga libis ay mauupos, na parang pagkit sa harap ng apoy,
parang tubig na bumubuhos mula sa isang bundok. 5 Dahil
sa pagsalansang ng Jacob ang lahat na ito, at dahil sa mga
kasalanan ng sangbahayan ni Israel, Ano ang pagsalangsang
ng Jacob? hindi baga ang Samaria? at ano ang mga mataas
na dako ng Juda? di baga ang Jerusalem? 6 Kaya't gagawin
ko ang Samaria na parang bunton sa parang, at parang mga
pananim sa ubasan; at aking ilalagpak ang mga bato niyaon
sa libis, at aking ililitaw ang mga patibayan niyaon. 7 At
lahat niyang larawang inanyuan ay pagpuputolputulin, at ang
lahat niyang kaupahan ay susupukin sa apoy, at ang lahat
niyang diosdiosan ay aking ihahandusay na sira; sapagka't
sa kaupahan sa isang patutot ay kaniyang mga pinisan, at
sa kaupahan sa isang patutot ay mangauuwi. 8 Dahil dito
tataghoy ako, at mananambitan; ako'y yayaong hinubdan at
hubad; ako'y uungal na parang chakal, at mananangis na
gaya ng mga avestruz. 9 Sapagka't ang kaniyang mga sugat
ay walang kagamutan; sapagka't dumarating hanggang
sa Juda; umaabot hanggang sa pintuang-bayan ng aking
bansa, hanggang sa Jerusalem. 10 Huwag ninyong saysayin
sa Gath huwag kayong pakaiyak: sa Bethle-Aphra gumumon
ako sa alabok. 11 Magdaan ka, Oh nananahan sa Saphir,
sa kahubaran at kahihiyan: ang nananahan sa Haanan ay
hindi lumalabas; ang taghoy ng Beth-esel ay magaalis sa
iyo ng pangalalay niyaon. 12 Sapagka't ang nananahan sa
Maroth ay naghihintay na mainam ng ikabubuti, sapagka't
ang kasamaan ay bumaba mula sa Panginoon hanggang sa
pintuang-bayan ng Jerusalem. 13 Isingkaw mo ang karo
sa maliksing kabayo, Oh nananahan sa Lachis: siya ang
pasimula ng kasalanan sa anak na babae ng Sion: sapagka't
ang pagsalangsang ng Israel ay nasumpungan sa iyo. 14
Kaya't ikaw ay magbibigay ng kaloob sa pagpapaalam
sa Moresethgath: ang mga bahay sa Achzib ay magiging
karayaang bagay sa mga hari sa Israel. 15 Dadalhin ko pa
sa iyo, Oh nananahan sa Maresah ang magaari sa iyo: ang
kaluwalhatian ng Israel ay darating hanggang sa Adullam. 16
Magpakakalbo ka, at pagupit ka dahil sa mga anak ng iyong
kalayawan: palakihin mo ang iyong pagkakalbo na gaya ng
aguila; sapagka't sila'y nangapasa pagkabihag mula sa iyo.

2 Sa aba nila na humahaka ng kasamaan, at nagsisigawa
ng kasamaan sa kanilang mga higaan! pagliliwanag
sa umaga, ay kanilang isinasagawa, sapagka't nasa
kapangyarihan ng kanilang kamay. 2 At sila'y nangagiimbot
ng mga bukid, at kanilang inaangkin; at ng mga bahay, at
inaalis: at kanilang pinipighati ang isang tao at ang kaniyang
sangbahayan, ang tao, at ang kaniyang mana. 3 Kaya't
ganito ang sabi ng Panginoon, Narito, laban sa angkang
ito ay humahaka ako ng isang kasamaan na doo'y hindi
ninyo maaalis ang inyong mga leeg, ni makalalakad man ng
kahambugan; sapagka't isang masamang panahon. 4 Sa
araw na yaon ay magsisisambit sila ng talinhaga laban sa
inyo, at mangananaghoy ng kakilakilabot na panaghoy, at
mangagsasabi, Kami ay lubos na nasira: kaniyang binabago
ang bahagi ng aking bayan; ano't inilalayo niya sa akin! sa
mga manghihimagsik kaniyang binahagi ang aming mga
bukid. 5 Kaya't mawawalan ka na ng maghahagis ng pisi na
panukat sa pamamagitan ng sapalaran sa kapisanan ng
Panginoon. 6 Huwag kayong manganghuhula, ganito sila
nanganghuhula. Hindi sila manganghuhula sa mga ito: ang
mga kakutyaan ay hindi mapapawi. 7 Sasabihin baga Oh
sangbahayan ni Jacob, Ang Espiritu baga ng Panginoon
ay nagipit? ang mga ito baga ang kaniyang mga gawa? Di
baga ang aking mga salita ay nagsisigawa ng mabuti sa
nagsisilakad ng matuwid? 8 Nguni't kamakailan na ang aking
bayan ay bumangon na wari kaaway: inyong hinuhubad
ang suot na kalakip ng balabal sa nagsisidaang tiwasay na
parang mga lalaking nagsisipanggaling sa digma. 9 Ang mga
babae ng aking bayan ay inyong pinalalayas sa kanilang
mga masayang bahay; sa kanilang mga bata ay inyong
inaalis ang aking kaluwalhatian magpakailan man. 10 Kayo'y
magsibangon, at magsiyaon; sapagka't hindi ito ang inyong
kapahingahan; dahil sa karumihan na lumilipol sa makatuwid
baga'y sa mahigpit na paggiba. 11 Kung ang isang taong
lumalakad sa espiritu ng kabulaanan ay nagsisinungaling,
na nagsasabi, Ako'y manghuhula sa iyo tungkol sa alak at
matapang na inumin; siya nga'y magiging propeta sa bayang
ito. 12 Walang pagsalang aking pipisanin, Oh Jacob, ang
lahat ng iyo; aking pipisaning walang pagsala ang nalabi sa
Israel: akin silang ilalagay na magkakasama na parang mga
tupa sa Bosra, na parang kawan sa gitna ng pastulan sa
kanila; sila'y magkakaingay ng di kawasa dahil sa karamihan
ng tao. 13 Nangunguna sa kanila yaong nagbubukas ng
daan: sila'y nagbukas ng daan at nagsidaan sa pintuang-
bayan, at nagsilabas doon; at ang kanilang hari ay nagpauna
sa kanila, at ang Panginoon sa unahan nila.

3 At aking sinabi, Isinasamo ko sa inyo, na inyong dinggin,
ninyong mga pangulo ng Jacob, at mga pinuno ng
sangbahayan ni Israel: hindi baga sa inyo ang pagalam
ng katuwiran. 2 Kayong napopoot sa mabuti at umiibig sa
kasamaan; na siyang umaagaw sa mga dukha ng balat
nila, at ng kanilang laman sa kanilang mga buto; 3 Kayo
ring kumakain ng laman ng aking bayan, at lumalapnos
ng kanilang balat, at bumabali ng kanilang mga buto, at
kanilang pinagputolputol yaon, na wari'y para sa palyok,
at parang laman sa loob ng caldera. 4 Kung magkagayo'y
magsisidaing sila sa Panginoon, nguni't hindi niya sasagutin
sila; oo, kaniyang ikukubli ang kaniyang mukha sa kanila
sa panahong yaon, ayon sa kanilang ginawang kasamaan
sa kanilang mga gawa. 5 Ganito ang sabi ng Panginoon
tungkol sa mga propeta na nagliligaw sa aking bayan; na
nagkakanggigitil ng kanilang mga ngipin at nagsisihiyaw,
Kapayapaan; at yaong hindi naglalagay sa kanilang bibig,
ay pinaghahandaan siya nila ng digma: 6 Kaya't magiging
gabi sa inyo, na hindi kayo magkakaroon ng pangitain; at
magkakaroon ng kadiliman, na hindi kayo makapanghuhula;
at ang araw ay lulubog sa mga propeta, at ang araw
ay mangungulimlim sa kanila. 7 At ang mga tagakita ay
mangapapahiya, at ang mga manghuhula ay mangatutulig;
oo, silang lahat ay mangagtatakip ng kanilang mga labi;
sapagka't walang kasagutan ng Dios. 8 Nguni't sa ganang
akin, ako'y puspos ng kapangyarihan sa pamamagitan ng
Espiritu ng Panginoon, at ng kahatulan, at ng kapangyarihan,
upang ipahayag sa Jacob ang kaniyang pagsalansang,
at sa Israel ang kaniyang kasalanan. 9 Dinggin ninyo ito,
isinasamo ko sa inyo, ninyong mga pangulo sa sangbahayan
ni Jacob, at mga pinuno sa sangbahayan ni Israel, na
nangapopoot sa kahatulan, at nangagbabaluktot ng matuwid.
10 Kanilang itinatayo ang Sion sa pamamagitan ng dugo,
at ang Jerusalem sa pamamagitan ng kasamaan. 11 Ang
mga pangulo niya'y nagsisihatol dahil sa suhol, at ang mga
saserdote, niya'y nangagtuturo dahil sa upa, at ang mga
propeta niya'y nanganghuhula dahil sa salapi: gayon ma'y
sila'y sasandal sa Panginoon, at mangagsasabi, Hindi baga
ang Panginoon ay nasa gitna natin? walang kasamaang
darating sa akin. 12 Kaya't ang Sion ay bubukirin na parang
isang bukid dahil sa inyo, at ang Jerusalem ay magiging
mga bunton, at ang mga bundok ng bahay ay parang mga
mataas na dako sa isang gubat.

4 Nguni't sa mga huling araw ay mangyayari, na ang
bundok ng bahay ng Panginoon ay matatatag sa taluktok
ng mga bundok, at matataas sa mga burol; at mga tao'y
paroroon sa kaniya. 2 At maraming bansa'y magsisiparoo't
mangagsasabi, Magsiparito kayo, at tayo'y magsiahon sa
bundok ng Panginoon, at sa bahay ng Dios ni Jacob; at
siya'y magtuturo sa atin ng kaniyang mga daan, at tayo'y
magsisilakad sa kaniyang mga landas. Sapagka't sa Sion ay
lalabas ang kautusan, at ang salita ng Panginoon ay mula
sa Jerusalem; 3 At siya'y hahatol sa gitna ng maraming
bayan, at sasaway sa mga matibay na bansa sa malayo: at
kanilang papandayin ang kanilang mga tabak upang maging
sudsud, at ang kanilang mga sibat upang maging karit;
ang bansa ay hindi magtataas ng tabak laban sa bansa, ni
magaaral pa man ng pakikipagdigma. 4 Kundi sila'y uupo
bawa't isa sa ilalim ng kaniyang punong ubas at sa ilalim ng
kaniyang punong igos; at walang tatakot sa kanila: sapagka't
sinalita ng bibig ng Panginoon ng mga hukbo. 5 Sapagka't
ang lahat na bayan ay magsisilakad bawa't isa sa pangalan
ng kanikaniyang dios: at tayo'y magsisilakad sa pangalan
ng Panginoon nating Dios magpakailan kailan man. 6 Sa
araw na yaon, sabi ng Panginoon, aking pipisanin siya na
napipilay, at aking titipunin siya na natapon, at siya na aking
pinagdalamhati; 7 At aking gagawin ang pilay na isang
nalabi, at ang natapon sa malayo na isang matibay na bansa:
at ang Panginoon ay maghahari sa kanila sa bundok ng Sion
mula ngayon hanggang sa walang hanggan. 8 At ikaw, oh
moog ng kawan, na burol ng anak na babae ng Sion, ito sa
iyo'y darating, oo, ang dating kapangyarihan ay darating, ang
kaharian ng anak na babae ng Jerusalem. 9 Ngayo'y bakit
ka sumisigaw ng malakas? Wala ka bagang hari, ang iyo
bagang kasangguni ay namatay, upang ang mga paghihirap
ay suma iyo na gaya ng babae sa pagdaramdam? 10
Magdamdam ka, at magtiis ka ng hirap, Oh anak na babae ng
Sion, na gaya ng babae sa pagdaramdam: sapagka't ngayo'y
lalabas ka sa bayan, at ikaw ay tatahan sa parang, at ikaw
ay darating hanggang sa Babilonia: doon ka maliligtas; doon
ka tutubusin ng Panginoon sa kamay ng iyong mga kaaway.
11 At ngayo'y maraming bansa ay nangagpupulong laban sa
iyo, na nangagsasabi, Madumhan siya, at makita ng ating
mata ang nasa natin sa Sion. 12 Nguni't hindi nila nalalaman
ang mga pagiisip ng Panginoon, ni nauunawa man nila ang
kaniyang payo; sapagka't kaniyang pinisan sila na parang
mga bigkis sa giikan. 13 Ikaw ay bumangon, at gumiik, Oh
anak na babae ng Sion; sapagka't aking gagawing bakal
ang iyong sungay, at aking gagawing tanso ang iyong mga
kuko; at iyong pagluluraylurayin ang maraming bayan: at
iyong itatalaga ang kanilang pakinabang sa Panginoon, at
ang kanilang pag-aari ay sa Panginoon ng buong lupa.

5 Ngayon ay mapipisan ka sa mga hukbo, Oh anak na
babae ng mga hukbo: siya'y nangubkob laban sa atin;
kanilang hahampasin sa pisngi ang hukom ng Israel ng isang
tungkod. 2 Nguni't ikaw, Beth-lehem Ephrata, na maliit upang
lumagay sa libolibo ng Juda, mula sa iyo ay lalabas sa akin
ang isa na magpupuno sa Israel; na ang pinagbuhatan niya

ay mula nang una, mula nang walang hanggan. 3 Kaya't
kaniyang ibibigay sila hanggang sa panahon na siya na
nagdaramdam ay manganak: kung magkagayon ang nalabi
sa kaniyang mga kapatid ay babalik sa mga anak ni Israel.
4 At siya'y titindig, at magpapakain ng kaniyang kawan
sa kalakasan ng Panginoon, sa kamahalan ng pangalan
ng Panginoon niyang Dios: at sila'y mananatili; sapagka't
ngayon siya'y magiging dakila hanggang sa mga wakas
ng lupa. 5 At ang lalaking ito ay magiging kapayapaan
natin. Pagka ang taga Asiria ay papasok sa ating lupain, at
pagka siya'y tutungtong sa ating mga palacio, tayo nga'y
mangagtitindig laban sa kaniya ng pitong pastor, at walong
pinakapangulong tao. 6 At kanilang wawasakin ng tabak ang
lupain ng Asiria, at ang lupain ng Nimrod sa mga pasukan
niyaon: at kaniyang ililigtas tayo sa taga Asiria, pagka siya'y
pumasok sa ating lupain, at pagka siya'y tumungtong sa
loob ng ating hangganan. 7 At ang nalabi sa Jacob ay
magiging parang hamog na mula sa Panginoon sa gitna ng
maraming bayan, parang ulan sa damo, na hindi naghihintay
sa tao, ni naghihintay man sa mga anak ng tao. 8 At ang
nalabi sa Jacob ay magiging sa gitna ng mga bansa, sa
gitna ng maraming bayan, na parang leon sa mga hayop sa
gubat, na parang batang leon sa mga kawan ng mga tupa;
na kung siya'y dumaraan ay yumayapak at lumalapa, at
walang magligtas. 9 Mataas ang iyong kamay sa iyong mga
kaaway, at mangahiwalay ang lahat ng iyong mga kaaway.
10 At mangyayari sa araw na yaon, sabi ng Panginoon, na
aking ihihiwalay ang iyong mga kabayo sa gitna mo, at
aking gigibain ang iyong mga karo: 11 At aking ihihiwalay
ang mga bayan ng iyong lupain, at aking ibabagsak ang
lahat ng iyong katibayan: 12 At aking ihihiwalay ang mga
panghuhula sa iyong kamay; at hindi ka na magkakaroon ng
mga manghuhula: 13 At aking ihihiwalay ang iyong mga
inanyuang larawan at ang iyong mga haligi mula sa gitna
mo; at hindi ka na sasamba sa gawa ng iyong mga kamay;
14 At aking bubunutin ang iyong mga Asera mula sa gitna
mo; at aking sisirain ang iyong mga bayan. 15 At ako'y
maguukol ng panghihiganti sa galit at kapusukan sa mga
bansa na hindi nangakinig.

**6** Dinggin ninyo ngayon kung ano ang sinasabi ng
Panginoon: Bumangon ka, makipagkaalit ka sa harap
ng mga bundok, at dinggin ng mga burol ang iyong tinig.
2 Dinggin ninyo, Oh ninyong mga bundok, ang usap ng
Panginoon, at ninyo na mga matibay na patibayan ng lupa;
sapagka't ang Panginoon ay may usap sa kaniyang bayan,
at kaniyang ipakikipagtalo sa Israel. 3 Oh bayan ko, anong
ginawa ko sa iyo? at sa ano kita pinagod? sumaksi ka laban
sa akin. 4 Sapagka't ikaw ay aking iniahon mula sa lupain
ng Egipto, at tinubos kita sa bahay ng pagkaalipin; at aking
sinugo sa unahan mo si Moises, si Aaron, at si Miriam. 5 Oh
bayan ko, alalahanin mo ngayon kung ano ang isinangguni
ni Balac na hari sa Moab, at kung ano ang isinagot sa
kaniya ni Balaam na anak ni Beor; alalahanin mo mula sa
Sittem hanggang sa Gilgal, upang iyong maalaman ang mga
matuwid na gawa ng Panginoon. 6 Ano ang aking ilalapit sa
harap ng Panginoon, at iyuyukod sa harap ng mataas na
Dios? paroroon baga ako sa harap niya na may mga handog
na susunugin, na may guyang isang taon ang gulang? 7
Kalulugdan baga ng Panginoon ang mga libolibong tupa, o
ang mga sangpu-sangpung libong ilog na langis? ibibigay ko
baga ang aking panganay dahil sa aking pagsalangsang,
ang bunga ng aking katawan dahil sa kasalanan ng aking
kaluluwa? 8 Kaniyang ipinakilala sa iyo, Oh tao, kung ano
ang mabuti; at ano ang hinihingi ng Panginoon sa iyo, kundi
gumawa na may kaganapan, at ibigin ang kaawaan, at
lumakad na may kababaan na kasama ng iyong Dios. 9 Ang
tinig ng Panginoon ay humihiyaw sa bayan, at ang taong
may karunungan ay makakakita ng iyong pangalan: dinggin
ninyo ang tungkod, at ang naghalal niyaon. 10 Mayroon pa
baga kaya ng mga kayamanan ng kasamaan sa bahay ng
masama, at ng kulang na panukat na kasuklamsuklam? 11
Magiging malinis baga ako na may masamang timbangan,
at sa marayang supot na panimbang? 12 Sapagka't ang
mga mayaman niyaon ay puno ng pangdadahas, at ang
mga mananahan doo'y nangagsalita ng mga kabulaanan, at
ang kanilang dila ay magdaraya sa kanilang bibig. 13 Kaya't
sinugatan din naman kita ng mabigat na sugat; ginawa kitang
kasiraan dahil sa iyong mga kasalanan. 14 Ikaw ay kakain,
nguni't hindi ka mabubusog; at ang iyong pagpapakumbaba
ay sasa gitna mo: at ikaw ay magtatabi, nguni't wala kang
dadalhing maitatabi; at ang iyong ilalabas ay aking iiwan sa
tabak. 15 Ikaw ay maghahasik, nguni't hindi ka magaani:
ikaw ay magpipisa ng mga olibo, nguni't hindi ka magpapahid
ng langis; at ng ubas, nguni't hindi ka iinom ng alak. 16
Sapagka't naiingatan ang mga palatuntunan ni Omri, at
ang lahat na gawa ng sangbahayan ni Achab, at kayo'y
nagsisilakad ng ayon sa kanilang mga payo; upang gawin
kitang kasiraan, at ang mga mananahan niya'y kasutsutan:
at inyong dadalhin ang kakutyaan ng aking bayan.

**7** Sa aba ko! sapagka't ako'y gaya ng kanilang pisanin ang
mga bunga sa taginit, gaya ng mga pamumulot ng ubas
sa ubasan: walang kumpol na makain; ako'y nananabik sa
unang bunga ng igos. 2 Ang mabuting tao ay namatay sa
lupa, at wala nang matuwid sa mga tao: silang lahat ay
nagsisibakay upang magbubo ng dugo; hinuhuli ng bawa't
isa ang kaniyang kapatid sa pamamagitan ng silo. 3 Ang
kanilang mga kamay ay nangasa kasamaan upang sikaping
isagawa; ang prinsipe ay humihingi, at ang hukom ay

maagap sa suhol; at ang dakilang tao ay nangagsasalita ng
masamang hangad ng kaniyang kaluluwa: ganito nila nilalala.
4 Ang pinakamahusay sa kanila ay parang dawag; ang
pinakamatuwid ay masama kay sa isang bakod na tinikan:
ang araw ng inihula sa iyo ng mga bantay, sa makatuwid
baga'y ang araw ng pagdalaw sa iyo, ay dumating; ngayo'y
mangatitigilan sila. 5 Huwag kayong magsitiwala sa kalapit
bahay; huwag kayong magkatiwala sa kaibigan; ingatan
mo ang mga pinto ng inyong bibig sa kaniya na humihiga
sa inyong sinapupunan. 6 Sapagka't sinisiraang puri ng
anak na lalake ang ama, ang anak na babae ay tumitindig
laban sa kaniyang ina, ang manugang na babae ay laban
sa kaniyang biyanang babae; ang mga kaaway ng tao ay
ang kaniyang sariling kasangbahay. 7 Nguni't sa ganang
akin, ako'y titingin sa Panginoon; ako'y maghihintay sa Dios
ng aking kaligtasan: didinggin ako ng aking Dios. 8 Huwag
kang magalak laban sa akin, Oh aking kaaway: pagka ako'y
nabuwal, ako'y babangon; pagka ako'y naupo sa kadiliman,
ang Panginoo'y magiging ilaw sa akin. 9 Aking babatahin
ang kagalitan ng Panginoon, sapagka't ako'y nagkasala
laban sa kaniya, hanggang sa kaniyang ipagsanggalang ang
aking usap, at lapatan ako ng kahatulan: kaniyang ilalabas
ako sa liwanag, at aking mamasdan ang kaniyang katuwiran.
10 Kung magkagayo'y makikita ng aking kaaway, at kahihiyan
ang tatakip sa kaniya, na nagsabi sa akin, Saan nandoon ang
Panginoon mong Dios? Makikita ng aking mga mata ang nais
ko sa kaniya; siya nga'y yayapakan na parang putik sa mga
lansangan. 11 Kaarawan ng pagtatayo ng iyong mga kuta! sa
kaarawang yaon ay malalayo ang pasiya. 12 Sa kaarawang
yaon ay magsisiparoon sila sa iyo mula sa Asiria at sa mga
bayan ng Egipto, at mula sa Egipto hanggang sa ilog, at
mula sa dagat at dagat, at sa bundok at bundok. 13 Gayon
ma'y masisira ang lupain dahil sa kanila na nagsisitahan
doon, dahil sa bunga ng kanilang mga gawa. 14 Pakanin mo
ang iyong bayan sa pamamagitan ng iyong tungkod, ang
kawan na iyong mana, na tumatahang magisa, sa gubat sa
gitna ng Carmelo: pakanin mo sila sa Basan at sa Galaad,
gaya ng mga araw nang una. 15 Gaya ng mga araw ng
iyong paglabas sa lupain ng Egipto ay aking pagpapakitaan
sila ng mga kagilagilalas na bagay. 16 Makikita ng mga
bansa, at mangapapahiya sa buo nilang kapangyarihan;
kanilang ilalagay ang kanilang kamay sa kanilang bibig, ang
kanilang mga pakinig ay mabibingi. 17 Sila'y magsisihimod
sa alabok na parang ahas; parang nagsisiusad na hayop sa
lupa sila'y magsisilabas na nagsisipanginig mula sa kanilang
mga kulungan; sila'y magsisilapit na may takot sa Panginoon
nating Dios, at mangatatakot dahil sa iyo. 18 Sino ang Dios
na gaya mo, na nagpapatawad ng kasamaan, at pinalalagpas
ang pagsalansang ng nalabi sa kaniyang mana? hindi niya
pinipigil ang kaniyang galit ng magpakailan man, sapagka't
siya'y nalulugod sa kagandahang-loob. 19 Siya'y muling
magtataglay ng habag sa atin; kaniyang yayapakan ang
ating kasamaan: at kaniyang ihahagis ang lahat nilang
kasalanan sa mga kalaliman ng dagat. 20 Iyong isasagawa
ang katotohanan kay Jacob, at ang kagandahang-loob kay
Abraham, na iyong isinumpa sa aming mga magulang mula
sa mga araw nang una.

# Nahum

1 Ang hula tungkol sa Ninive. Ang aklat tungkol sa
pangitain ni Nahum na Elkoshita. 2 Ang Panginoon ay
mapanibughuing Dios at nanghihiganti; ang Panginoon ay
nanghihiganti at puspos ng kapootan; ang Panginoon ay
nanghihiganti sa kaniyang mga kaaway, at siya'y nagtataan
ng kapootan sa kaniyang mga kaaway. 3 Ang Panginoon ay
banayad sa pagkagalit, at dakila sa kapangyarihan, at sa
anomang paraan ay hindi aariing walang sala ang salarin:
ang daan ng Panginoon ay sa ipoipo at sa bagyo, at ang mga
ulap ay siyang alabok ng kaniyang mga paa. 4 Kaniyang
sinasaway ang dagat, at tinutuyo, at tinutuyo ang lahat na
ilog: ang Basan ay nanlalata, at ang Carmelo; at ang bulaklak
ng Libano ay nalalanta. 5 Ang mga bundok ay nanginginig
dahil sa kaniya, at ang mga burol ay nangatutunaw; at ang
lupa'y lumilindol sa kaniyang harapan, oo, ang sanglibutan,
at ang lahat na nagsisitahan dito. 6 Sino ang makatatayo sa
harap ng kaniyang pagkagalit? at sino ang makatatahan sa
kabangisan ng kaniyang galit? ang kaniyang kapusukan
ay sumisigalbong parang apoy, at ang mga malaking bato
ay nangatitibag niya. 7 Ang Panginoo'y mabuti, katibayan
sa kaarawan ng kabagabagan; at nakikilala niya yaong
nangaglalagak ng kanilang tiwala sa kaniya. 8 Nguni't
sa pamamagitan ng manggugunaw na baha ay kaniyang
lubos na wawakasan ang kaniyang dako, at hahabulin ang
kaniyang mga kaaway sa kadiliman. 9 Ano ang inyong
kinakatha laban sa Panginoon? siya'y gagawa ng lubos na
kawakasan; ang pagdadalamhati ay hindi titindig na ikalawa.
10 Sapagka't yamang sila'y maging gaya ng mga salasalabat
na tinik, at maging napakalasing na parang manglalasing,
sila'y lubos na masusupok na parang tuyong dayami. 11 May
lumabas na isa sa iyo, na nagiisip ng kasamaan laban sa
Panginoon, na pumapayo ng masama. 12 Ganito ang sabi
ng Panginoon: Bagaman sila'y nangasa lubos na kalakasan,
at totoong marami, gayon may sila'y nangalulugmok, at
daraan siya. Bagaman pinagdalamhati kita, hindi na kita
pagdadalamhatiin pa. 13 At ngayo'y aking babaliin ang
kaniyang pamatok na nasa iyo, at aking sisirain ang iyong
mga paningkaw. 14 At ang Panginoon ay nagbigay utos
tungkol sa iyo, na hindi na matatatag ang iyong pangalan: sa
bahay ng iyong mga dios ay aking ihihiwalay ang larawang
inanyuan at ang larawang binubo; aking gagawin ang iyong
libingan; sapagka't ikaw ay hamak. 15 Narito, nasa ibabaw
ng mga bundok ang mga paa niyang nangagdadala ng
mga mabuting balita, na nangaghahayag ng kapayapaan!
Ipagdiwang mo ang iyong mga kapistahan, Oh Juda, tuparin
mo ang iyong mga panata; sapagka't ang masama ay hindi
na dadaan pa sa iyo; siya'y lubos na nahiwalay.

2 Siyang bumabasag ay sumampa sa harapan mo: ingatan
mo ang katibayan, bantayan mo ang daan, palakasin
mo ang iyong mga balakang, patibayin mo ang iyong
kapangyarihan na mainam, 2 Sapagka't ibinabalik ng
Panginoon ang karilagan ng Jacob na gaya ng karilagan ng
Israel: sapagka't ang mga tagatuyo ay nagsituyo sa kanila,
at sinira ang mga sanga ng kanilang mga puno ng ubas. 3
Ang kalasag ng kaniyang mga makapangyarihang lalake
ay pumula, ang matapang na lalake ay nakapanamit ng
matingkad na pula: ang mga karo ay nagsisikislap ng patalim
sa kaarawan ng kaniyang paghahanda, at ang mga sibat na
abeto ay nagsisigalaw ng kakilakilabot. 4 Ang mga karo ay
nagsisihagibis sa mga lansangan; nangagkakabanggang
isa't isa sa mga daan: ang anyo ng mga yaon ay gaya ng
mga sulo; nagsisitakbong parang mga kidlat. 5 Naaalaala
niya ang kaniyang mga bayani: sila'y nangatitisod sa kanilang
paglakad; sila'y nangagmamadali sa kuta niyaon, at ang
panakip ay handa. 6 Ang mga pintuan ng mga ilog ay bukas,
at ang palacio ay nalansag. 7 At si Huzab ay nahubdan; siya'y
dinala; at ang kaniyang mga alilang babae ay nananaghoy
na parang huni ng mga kalapati, na nagsisidagok sa kanilang
mga dibdib. 8 Datapuwa't ang Ninive mula nang una ay
naging parang lawa ng tubig: gayon ma'y nagsisitakas. Tigil
kayo, tigil kayo, isinisigaw nila; nguni't walang lumilingon. 9
Kunin ninyo ang samsam na pilak, kunin ninyo ang samsam
na ginto; sapagka't walang katapusang kayamanan, na
kaluwalhatian sa lahat ng maligayang kasangkapan. 10
Siya'y tuyo, at walang laman, at wasak; at ang puso ay
natutunaw, at ang mga tuhod ay nagkakaumpugan, at ang
pagdaramdam ay nasa lahat ng mga balakang, at ang mga
mukha nilang lahat ay nangamumutla. 11 Saan nandoon
ang yungib ng mga leon, at ang dakong sabsaban ng mga
batang leon, na nililibutan ng leon at ng babaeng leon, ng
batang leon, at walang tumatakot sa kanila? 12 Ang leon
ay kumakatay ng sagana para sa kaniyang mga anak, at
lumalapa para sa kaniyang mga babaeng leon, at pinupuno
ng huli ang kaniyang mga cueba, at ng tangay ang kaniyang
mga yungib. 13 Narito, ako'y laban sa iyo, sabi ng Panginoon
ng mga hukbo, at aking susunugin ang kaniyang mga karo
sa usok, at lalamunin ng tabak ang iyong mga batang leon;
at aking ihihiwalay ang iyong huli sa lupa, at ang tinig ng
iyong mga sugo ay hindi na maririnig.

3 Sa aba ng mabagsik na bayan! siya'y puspos na lubos
ng kabulaanan at mga agaw; ang panghuhuli ay hindi
tumitigil. 2 Ang higing ng panghagupit, at ang hugong ng pihit
ng mga gulong, at ng mga madambang kabayo, at ng lukso
ng mga karo, 3 Ang sakay ng mga mangangabayo, at ang
kinang ng tabak; at ang kislap ng sibat, at isang karamihan
na patay, ay malaking bunton ng mga bangkay, at walang

katapusang mga bangkay; sila'y nangatitisod sa kanilang
mga bangkay; **4** Dahil sa karamihan ng pagpapatutot ng
minagandang patutot, na panguna ng pangeenkanto, na
nagbibili ng mga bansa sa pamamagitan ng kaniyang
pagpapatutot, at ng mga angkan sa pamamagitan ng
kaniyang mga pangeenkanto. **5** Narito, ako'y laban sa iyo,
sabi ng Panginoon ng mga hukbo, at aking ilililis ang iyong
laylayan sa harap mo; at aking ipakikita sa mga bansa ang
iyong kahubaran, at sa mga kaharian ang iyong kahihiyan. **6**
At aking ihahagis sa iyo ang kasuklamsuklam na karumihan,
at gagawin kitang hamak, at ilalagay kitang pinakakutya. **7**
At mangyayari, na ang lahat na mangakakakita sa iyo, ay
iilag sa iyo, at mangagsasabi, Ang Ninive ay nahahandusay
na sira: sinong mananaghoy sa kaniya? saan ako hahanap
ng mga mangaaliw sa iyo? **8** Ikaw baga'y mabuti pa sa
Noamon, na natatayo sa gitna ng mga ilog, na may tubig sa
palibot niya; na ang katibaya'y ang dagat, at ang kaniyang
kuta ay nasa dagat? **9** Etiopia at Egipto ang kaniyang
mga naging katibayan, at walang hanggan; Phut at Lubim
ang iyong mga naging katulong. **10** Gayon ma'y siya'y
nadala, siya'y pumasok sa pagkabihag; ang kaniyang mga
anak naman ay pinagputolputol sa dulo ng lahat ng mga
lansangan; at pinagsapalaran ang kaniyang mga marangal
na tao, at ang lahat niyang mahal na tao ay nangasabiran
ng mga tanikala. **11** Ikaw naman ay malalango; ikaw ay
matatago; ikaw rin naman ay hahanap ng katibayan dahil sa
kaaway. **12** Lahat ng iyong kuta ay magiging parang puno ng
igos, na may unang hinog na mga igos: kung mga ugugin,
nangalalaglag sa bibig ng kumakain. **13** Narito, ang iyong
mga tao sa gitna mo ay mga babae; ang mga pintuang-
bayan ng iyong lupain ay nangabubukas ng maluwang
sa iyong mga kaaway: nilamon ng apoy ang iyong mga
halang. **14** Umigib ka ng tubig sa pagkakubkob; tibayan
mo ang iyong mga katibayan; pumasok ka sa putikan,
at yapakan mo ang argamasa, tibayan mo ang hurno ng
ladrillo. **15** Doon ka sasakmalin ng apoy; ihihiwalay ka ng
tabak; sasakmalin kang parang uod: magpakarami kang
gaya ng uod: magpakarami kang gaya ng balang. **16** Iyong
pinarami ang iyong mga mangangalakal kay sa mga bituin
sa langit: ang uod ay sumasamsam, at lumilipad. **17** Ang
iyong mga prinsipe ay parang mga balang, at ang iyong
mga pinuno ay parang kawan ng lukton, na nagsisihimpil sa
mga bakod sa araw na malamig, nguni't pagka ang araw ay
sumikat sila'y nagsisilipad, at ang kanilang dako ay hindi
alam kung saan sila nangandoon. **18** Ang iyong mga pastor
ay nangatutulog, Oh hari sa Asiria; ang iyong mga bayani
ay nangagpapahinga; ang iyong bayan ay nangangalat sa
mga bundok, at walang magpisan sa kanila. **19** Walang
kagamutan sa iyong sakit: ang iyong sugat ay malubha: lahat
na makabalita sa iyo ay nagsisipakpak ng kamay dahil sa
iyo; sapagka't sinong hindi nadaanan ng iyong kasamaan?

# Habacuc

1 Ang hula na nakita ni Habacuc na propeta. 2 Oh
Panginoon, hanggang kailan dadaing ako, at hindi mo
didinggin? Ako'y dadaing sa iyo dahil sa pangdadahas,
at hindi ka magliligtas. 3 Bakit pinagpapakitaan mo ako
ng kasamaan, at iyong pinamamasdan ang kasamaan?
sapagka't ang kasiraan at pangdadahas ay nasa harap
ko; at may pakikipagalit, at pagtatalong bumabangon. 4
Kaya't ang kautusan ay natitigil, at ang katarungan ay hindi
lumalabas kailan man; sapagka't kinukulong ng masama
ang matuwid; kaya't ang kahatulan ay lumalabas na liko.
5 Mangagmasid kayo sa gitna ng mga bansa, at tumingin
kayo at mamangha kayo ng kagilagilalas; sapagka't ako'y
gumagawa ng isang gawain sa inyong mga kaarawan na
hindi ninyo paniniwalaan bagaman saysayin sa inyo. 6
Sapagka't narito, aking itinitindig ang mga Caldeo, yaong
makapangingilabot at marahas na bansa, na lumalakad sa
kaluwangan ng lupa, upang magari ng mga tahanang dako
na hindi kanila. 7 Sila'y kakilakilabot at nangakatatakot; ang
kanilang kahatulan at ang kanilang karangalan ay mula
sa kanilang sarili. 8 Ang kanilang mga kabayo naman
ay matutulin kay sa mga leopardo, at mababangis kay
sa lobo sa gabi; at ang kanilang mga mangangabayo
ay nagtutumulin na may kapalaluan: oo, ang kanilang
mga mangangabayo ay nanganggagaling sa malayo; sila'y
nagsisilipad na parang aguila na nagmamadali upang
manakmal. 9 Sila'y nagsisiparitong lahat sa pangdadahas;
ang kanilang mga mukha ay nangakatitig sa silanganan; at
sila'y nangagpipisan ng mga bihag na parang buhangin.
10 Oo, siya'y nanunuya sa mga hari, at ang mga prinsipe
ay katuyaan sa kaniya; kaniyang kinukutya ang bawa't
katibayan; sapagka't nagbubunton siya ng alabok, at
sinasakop. 11 Kung magkagayo'y lalampas siya na parang
hangin, at magdaraan, at magiging salarin, sa makatuwid
baga'y siya na ang kapangyarihan ay ang kaniyang dios. 12
Di baga ikaw ay mula sa walang hanggan, Oh Panginoon
kong Dios, aking Banal? kami ay hindi mangamamatay. Oh
Panginoon, iyong itinakda siya ukol sa kahatulan; at ikaw,
Oh Malaking Bato, ay iyong itinatag siya na pinakasaway.
13 Ikaw na may mga matang malinis kay sa tumingin ng
kasuwailan, at hindi ka makatitingin sa kasamaan, bakit mo
minamasdan ang nagsisigawa ng paglililo, at tumatahimik ka
pagka sinasakmal ng masama ang tao na lalong matuwid
kay sa kaniya; 14 At kaniyang ginagawa ang mga tao na
parang mga isda sa dagat, parang nagsisigapang na walang
nagpupuno sa kanila? 15 Kaniyang binubuhat ng bingwit
silang lahat, kaniyang hinuhuli (sila) sa kaniyang dala, at
kaniyang pinipisan (sila) sa kaniyang lambat: kaya't siya'y
nagagalak at siya'y masaya. 16 Kaya't siya'y naghahain
sa kaniyang lambat, at nagsusunog ng kamangyan sa
kaniyang lambat; sapagka't sa pamamagitan ng mga yao'y
ang kaniyang bahagi ay mataba, at ang kaniyang pagkain
ay sagana. 17 Mawawalan nga baga ng laman ang kaniyang
lambat, at hindi mahahabag na pumatay na palagi sa mga
bansa.

2 Ako'y tatayo sa aking bantayan, at lalagay ako sa
moog, at tatanaw upang maalaman ko kung ano ang
kaniyang sasalitain sa akin, at kung ano ang aking isasagot
tungkol sa aking daing. 2 At ang Panginoon ay sumagot
sa akin, at nagsabi, Isulat mo ang pangitain, at iukit mo
na malinaw sa mga tapyas na bato upang makatakbo
ang bumabasa niyaon. 3 Sapagka't ang pangitain ay sa
panahong takda pa, at nagmamadali sa pagkatapos, at
hindi magbubulaan: bagaman nagluluwat ay hintayin mo;
sapagka't walang pagsalang darating, hindi magtatagal. 4
Narito, ang kaniyang kaluluwa ay nagpapalalo, hindi tapat sa
kaniya; nguni't ang ganap ay mabubuhay sa pamamagitan
ng kaniyang pananampalataya. 5 Oo, bukod dito'y ang
alak ay magdaraya, isang taong hambog, at hindi natitira
sa bahay; na lumaki ang kaniyang nasa na parang Sheol,
at siya'y parang kamatayan, at hindi masisiyahan, kundi
pinipisan sa kaniya ang lahat na bansa, at ibinubunton
sa kaniya ang lahat na bayan. (Sheol h7585) 6 Hindi baga
ang lahat ng ito ay magbabadya ng talinhaga laban sa
kaniya, at ng nakagagalit na kawikaan laban sa kaniya, at
mangagsasabi, Sa aba niya na nagpaparami ng di kaniya!
hanggang kailan? at nagpapasan siya sa kaniyang sarili ng
mga sangla! 7 Hindi baga (sila) mangagtitindig, na bigla
na kakagat sa iyo, at magsisigising na babagabag sa iyo,
at ikaw ay magiging samsam sa kanila? 8 Dahil sa iyong
sinamsaman ang maraming bansa, lahat ng nalabi sa mga
tao ay magsisisamsam sa iyo, dahil sa dugo ng mga tao,
at dahil sa karahasang ginawa sa lupain, sa bayan at sa
lahat ng nagsisitahan doon. 9 Sa aba niya na nagiimpok ng
masamang pakinabang para sa kaniyang sangbahayan,
upang kaniyang mailagay ang pugad niya sa itaas, upang
siya'y maligtas sa kamay ng kasamaan! 10 Ikaw ay naghaka
ng ikahihiya ng iyong sangbahayan, sa paghihiwalay ng
maraming tao, at ikaw ay nagkasala laban sa iyong sarili. 11
Sapagka't ang bato ay dadaing mula sa pader, at ang tahilan
mula sa mga kahoy ay sasagot. 12 Sa aba niya na nagtatayo
ng bayan sa pamamagitan ng dugo, at nagtatatag ng bayan
sa pamamagitan ng kasamaan! 13 Narito, hindi baga dahil
sa Panginoon ng mga hukbo na ang mga tao ay nagsisigawa
para sa apoy, at ang mga bansa ay nangagpapakapagod sa
walang kabuluhan? 14 Sapagka't ang lupa ay mapupuno ng
kaalaman ng kaluwalhatian ng Panginoon, gaya ng pagtakip

ng tubig sa dagat. **15** Sa aba niya na nagpapainom ng
alak sa kaniyang kapuwa, na idinadagdag mo ang iyong
kamandag, at nilalasing mo rin naman siya, upang iyong
mamasdan ang kaniyang kahubaran! **16** Ikaw ay puno ng
kahihiyan, at hindi ng kaluwalhatian: uminom ka naman,
at maging gaya ng isang hindi tuli; ang saro ng kanan
ng Panginoon ay mababalik sa iyo, at kasuklamsuklam
na kahihiyan ang mahahalili sa iyong kaluwalhatian. **17**
Sapagka't ang pangdadahas na ginawa sa Libano ay tatakip
sa iyo, at ang panggigiba sa mga hayop na nakatakot sa
kanila; dahil sa dugo ng mga tao, at dahil sa pangdadahas na
ginawa sa lupain, sa bayan, at sa lahat na nagsisitahan doon.
**18** Anong napapakinabang ng larawang inanyuan na yao'y
inanyuan ng manggagawa niyaon; ng binubong larawan,
na tagapagturo ng mga kasinungalingan, na tinitiwalaan ng
nagaanyo sa kaniya, na gumawa ng mga piping diosdiosan?
**19** Sa aba niya na nagsasabi sa kahoy, Gumising ka; sa
piping bato, Bumangon ka! Magtuturo baga ito? Narito,
nababalot ng ginto at pilak, at walang hinga sa loob niyaon.
**20** Nguni't ang Panginoo'y nasa kaniyang banal na templo:
tumahimik ang buong lupa sa harap niya.

**3** Panalangin ni Habacuc na propeta, itinugma sa Sigionoth.
**2** Oh Panginoon, aking narinig ang kagitingan mo, at ako'y
natatakot: Oh Panginoon, buhayin mo ang iyong gawa sa
gitna ng mga taon; Sa gitna ng mga taon ay iyong ipabatid;
Sa kapootan ay alalahanin mo ang kaawaan. **3** Ang Dios ay
nanggaling mula sa Tema, At ang Banal ay mula sa bundok
ng Paran. (Selah) Ang kaniyang kaluwalhatia'y tumakip
sa langit. At ang lupa'y napuno ng kaniyang kapurihan.
**4** At ang kaniyang ningning ay parang liwanag; Siya'y
may mga sinag na nagbubuhat sa kaniyang kamay; At
doo'y nakukubli ang kaniyang kapangyarihan. **5** Sa unahan
niya'y nagpapauna ang salot, At nagniningas na baga ang
lumalabas sa kaniyang mga paa. **6** Siya'y tumayo, at sinukat
ang lupa; Siya'y tumingin, at pinaghiwalay ang mga bansa;
At ang mga walang hanggang bundok ay nangalat; Ang
mga burol na walang hanggan ay nagsiyukod; Ang kaniyang
mga lakad ay gaya noong araw. **7** Nakita ko ang mga tolda
sa Cushan sa pagdadalamhati; Ang mga tabing ng lupain
ng Madian ay nanginig. **8** Kinasasamaan baga ng loob ng
Panginoon ang mga ilog? Ang iyo bagang galit ay laban sa
mga ilog, O ang iyo bagang poot ay laban sa dagat, Na
ikaw ay sumakay sa iyong mga kabayo, Sa iyong mga karo
ng kaligasan? **9** Ang iyong busog ay nahubarang lubos;
Ang mga panunumpa sa mga lipi ay tunay na salita. (Selah)
Iyong pinuwangan ng mga ilog ang lupa. **10** Ang mga bundok
ay nangakakita sa iyo, at nangatakot; Ang unos ng tubig
ay dumaan: Inilakas ng kalaliman ang kaniyang tinig, At
itinaas ang kaniyang mga kamay sa itaas. **11** Ang araw at
buwan ay tumigil sa kanilang tahanan, Sa liwanag ng iyong
mga pana habang sila'y nagsisiyaon, Sa kislap ng iyong
makinang na sibat. **12** Ikaw ay lumakad sa mga lupain sa
pagkagalit; Iyong giniik ang mga bansa sa galit. **13** Ikaw
ay lumabas sa ikaliligtas ng iyong bayan, Sa ikaliligtas ng
iyong pinahiran ng langis; Iyong sinugatan ang pangulo ng
bahay ng masama, Na inililitaw ang patibayan hanggang
sa leeg. (Selah) **14** Iyong mga pinalagpasan ng kaniyang
sariling mga sibat ang ulo ng kaniyang mga mangdidigma:
Sila'y nagsiparitong parang ipoipo upang pangalatin ako;
Ang kanilang kagalakan ay sakmaling lihim ang dukha. **15**
Ikaw ay nagdaan sa dagat sa iyong mga kabayo. Sa bunton
ng makapangyarihang tubig. **16** Aking narinig, at ang aking
katawan ay nanginginig, Ang aking mga labi ay nangatal sa
tinig; kabuluka'y pumapasok sa aking mga buto, at ako'y
nanginginig sa aking dako; Sapagka't ako'y kailangang
magtiis sa kaarawan ng kabagabagan, Sa pagsampa ng
bayan na lumulusob sa atin. **17** Sapagka't bagama't ang
puno ng igos ay hindi namumulaklak, Ni magkakaroon
man ng bunga sa mga puno ng ubas; Ang bunga ng olibo
ay maglilikat. At ang mga bukid ay hindi magbibigay ng
pagkain; Ang kawan ay mahihiwalay sa kulungan, At hindi na
magkakaroon ng bakahan sa mga silungan: **18** Gayon ma'y
magagalak ako sa Panginoon, Ako'y magagalak sa Dios ng
aking kaligtasan. **19** Si Jehova, na Panginoon, siyang aking
lakas; At ginagawa niya ang aking mga paa na gaya ng sa
mga usa. At ako'y palalakarin niya sa aking mga mataas na
dako. Sa Pangulong Manunugtog, sa aking mga panugtog
na kawad.

# Zefanias

1 Ang salita ng Panginoon na dumating kay Zefanias na
anak ni Cushi, na anak ni Gedalias, na anak ni Amarias,
na anak ni Ezechias, nang mga kaarawan ni Josias na anak
ni Amon, na hari sa Juda. 2 Aking lubos na lilipulin ang
lahat na bagay sa ibabaw ng lupa, sabi ng Panginoon. 3
Aking lilipulin ang tao at ang hayop; aking lilipulin ang mga
ibon sa himpapawid, at ang mga isda sa dagat, at ang mga
katitisuran na kasama ng mga masama; at aking ihihiwalay
ang tao sa ibabaw ng lupa, sabi ng Panginoon. 4 At aking
iuunat ang aking kamay sa Juda, at sa lahat na nananahan
sa Jerusalem; at aking ihihiwalay ang nalabi kay Baal sa
dakong ito, at ang pangalan ng mga Chemarim sangpu ng
mga saserdote; 5 At ang nagsisisamba sa natatanaw sa
langit sa mga bubungan ng bahay; at ang nagsisisamba na
nanunumpa sa Panginoon at nanunumpa sa pangalan ni
Malcam; 6 At ang nagsisitalikod na mula sa pagsunod sa
Panginoon; at yaong mga hindi nagsisihanap sa Panginoon,
ni sumangguni man sa kaniya. 7 Pumayapa ka sa harap ng
Panginoong Dios; sapagka't ang kaarawan ng Panginoon
ay malapit na: sapagka't inihanda ng Panginoon ang isang
hain, kaniyang itinalaga ang kaniyang mga panauhin. 8 At
mangyayari sa kaarawan ng hain sa Panginoon, na aking
parurusahan ang mga prinsipe, at ang mga anak ng hari, at
ang lahat na nangagsusuot ng pananamit ng taga ibang
lupa. 9 At sa araw na yaon ay aking parurusahan yaong
lahat na nagsisilukso sa pasukan, na pinupuno ang bahay
ng kanilang panginoon ng pangdadahas at pagdaraya. 10
At sa araw na yaon, sabi ng Panginoon, magkakaroon ng
ingay ng hiyawan na mula sa pintuang-bayan ng mga isda,
at ng pananambitan mula sa ikalawang bahagi, at malaking
hugong na mula sa mga burol. 11 Manambitan kayo, kayong
mga nananahan sa Mactes; sapagka't ang buong bayan
ng Canaan ay nalansag; yaong napapasanan ng pilak ay
nangahiwalay. 12 At mangyayari sa panahong yaon, na ang
Jerusalem ay sisiyasatin kong may mga ilawan; at aking
parurusahan ang mga tao na nagsisiupo sa kanilang mga
latak, na nangagsasabi sa kanilang puso, Ang Panginoo'y
hindi gagawa ng mabuti, ni gagawa man siya ng masama.
13 At ang kanilang kayamanan ay magiging samsam, at ang
kanilang mga bahay ay kasiraan: oo, sila'y mangagtatayo
ng mga bahay, nguni't hindi nila titirahan; at sila'y mag-
uubasan, nguni't hindi sila magsisiinom ng alak niyaon. 14
Ang dakilang kaarawan ng Panginoon ay malapit na, malapit
na at nagmamadaling mainam, sa makatuwid baga'y ang
tinig ng kaarawan ng Panginoon; ang makapangyarihang tao
ay sumisigaw roon ng kalagimlagim. 15 Ang araw na yaon
ay kaarawan ng kapootan, kaarawan ng kabagabagan at
kahapisan, kaarawan ng kawakasan at kasiraan, kaarawan
ng kadiliman at kalumbayan, kaarawan ng mga alapaap at
pagsasalimuot ng kadiliman, 16 Kaarawan ng pakakak at
ng hudyatan, laban sa mga bayang nakukutaan, at laban
sa mataas na kuta. 17 At aking dadalhan ng kahapisan
ang mga tao, na sila'y magsisilakad na parang mga bulag,
sapagka't sila'y nangagkasala laban sa Panginoon; at ang
kanilang dugo ay mabububo na parang alabok, at ang
kanilang katawan ay parang dumi. 18 Kahit ang kanilang
pilak o ang kanilang ginto man ay hindi makapagliligtas
sa kanila sa kaarawan ng kapootan ng Panginoon; kundi
ang buong lupain ay masusupok sa pamamagitan ng apoy
ng kaniyang paninibugho: sapagka't wawakasan niya, oo,
isang kakilakilabot na wakas, nilang lahat na nagsisitahan sa
lupain.

2 Kayo'y magpipisan, oo, magpipisan, Oh bansang walang
kahihiyan; 2 Bago ang pasiya'y lumabas, bago dumaang
parang dayami ang kaarawan, bago dumating sa inyo ang
mabangis na galit ng Panginoon, bago dumating sa inyo
ang kaarawan ng galit ng Panginoon. 3 Hanapin ninyo ang
Panginoon, ninyong lahat na maamo sa lupa, na nagsigawa
ng ayon sa kaniyang kahatulan; hanapin ninyo ang katuwiran,
hanapin ninyo ang kaamuan: kaypala ay malilingid kayo sa
kaarawan ng galit ng Panginoon. 4 Sapagka't ang Gaza
ay pababayaan, at ang Ascalon ay sa kasiraan; kanilang
palalayasin ang Asdod sa katanghaliang tapat, at ang Ecron
ay mabubunot. 5 Sa aba ng mga nananahanan sa baybayin
ng dagat, bansa ng mga Chereteo! Ang salita ng Panginoon
ay laban sa iyo, Oh Canaan, na lupain ng mga Filisteo;
aking gigibain ka, upang mawalan ng mga mananahan. 6
At ang baybayin ng dagat ay magiging pastulan, na may
mga dampa para sa mga pastor, at mga kulungan para sa
mga kawan. 7 At ang baybayin ay mapapasa nalabi sa
sangbahayan ni Juda; sila'y mangagpapastol ng kanilang
mga kawan doon; sa mga bahay sa Ascalon ay mangahihiga
sila sa gabi; sapagka't dadalawin sila ng Panginoon nilang
Dios, at ibabalik sila na mula sa kanilang pagkabihag. 8
Aking narinig ang panunungayaw ng Moab, at ang pagapi
ng mga anak ni Ammon, na kanilang ipinanungayaw sa
aking bayan, at nagmalaki sila ng kanilang sarili laban sa
kanilang hangganan. 9 Buhay nga ako, sabi ng Panginoon
ng mga hukbo, ng Dios ng Israel, Walang pagsalang ang
Moab ay magiging parang Sodoma, at ang mga anak ni
Ammon ay parang Gomorra, pag-aari na mga dawag, at
lubak na asin, at isang pagkasira sa tanang panahon: sila'y
sasamsamin ng nalabi sa aking bayan, at sila'y mamanahin
ng nalabi sa aking bansa. 10 Ito ang kanilang mapapala
dahil sa kanilang pagpapalalo, sapagka't sila'y nanungayaw
at nagmalaki ng kanilang sarili laban sa bayan ng Panginoon

ng mga hukbo. 11 Ang Panginoo'y magiging kakilakilabot sa
kanila; sapagka't kaniyang gugutumin ang lahat ng dios sa
lupa; at sasambahin siya ng mga tao; ng bawa't isa mula
sa kanikaniyang dako, ng lahat na pulo ng mga bansa.
12 Kayong mga taga Etiopia naman, kayo'y papatayin sa
pamamagitan ng aking tabak. 13 At kaniyang iuunat ang
kaniyang kamay laban sa hilagaan, at gigibain ang Asiria, at
ang Nineve ay sisirain, at tutuyuing gaya ng ilang. 14 At
mga bakaha'y hihiga sa gitna niyaon, lahat ng hayop ng
mga bansa: ang pelikano at gayon din ang erizo ay tatahan
sa mga kapitel niyaon; kanilang tinig ay huhuni sa mga
dungawan; kasiraa'y sasapit sa mga pasukan; sapagka't
kaniyang sinira ang mga yaring kahoy na cedro. 15 Ito ang
masayang bayan na tumahang walang bahala, na nagsasabi
sa sarili, Ako nga, at walang iba liban sa akin: ano't siya'y
naging sira, naging dakong higaan para sa mga hayop! lahat
na daraan sa kaniya ay magsisisutsot, at ikukumpas ang
kaniyang kamay.

3 Sa aba niya na mapanghimagsik at nadumhan! ng
mapagpighating kamay! 2 Siya'y hindi sumunod sa tinig;
siya'y hindi napasaway; siya'y hindi tumiwala sa Panginoon;
siya'y hindi lumapit sa kaniyang Dios. 3 Ang mga prinsipe
niya sa gitna niya ay mga leong nagsisiungal; ang mga
hukom niya ay mga lobo sa gabi; sila'y walang inilalabi
hanggang sa kinaumagahan. 4 Ang kaniyang mga propeta ay
mga walang kabuluhan at mga taong taksil; nilapastangan ng
kaniyang mga saserdote ang santuario, sila'y nagsigawa ng
pangdadahas sa aking kautusan. 5 Ang Panginoon sa gitna
niya ay matuwid; siya'y hindi gagawa ng kasamaan; tuwing
umaga'y kaniyang ipinaliliwanag ang kaniyang matuwid na
kahatulan, siya'y hindi nagkukulang; nguni't ang hindi ganap
ay hindi nakakaalam ng kahihiyan. 6 Ako'y naghiwalay ng
mga bansa; ang kanilang mga kuta ay sira; aking iniwasak
ang kanilang mga lansangan, na anopa't walang makaraan;
ang kanilang mga bayan ay giba, na anopa't walang tao,
na anopa't walang tumatahan. 7 Aking sinabi, Matakot ka
lamang sa akin; tumanggap ng pagsaway; sa gayo'y ang
kaniyang tahanan ay hindi mahihiwalay, ayon sa lahat na
aking itinakda sa kaniya: nguni't sila'y bumangong maaga,
at kanilang sinira ang lahat nilang gawa. 8 Kaya't hintayin
ninyo ako, sabi ng Panginoon, hanggang sa kaarawan na
ako'y bumangon sa panghuhuli; sapagka't ang aking pasiya
ay pisanin ang mga bansa, upang aking mapisan ang mga
kaharian, upang maibuhos ko sa kanila ang aking kagalitan,
sa makatuwid baga'y ang aking buong mabangis na galit;
sapagka't ang buong lupa ay sasakmalin, ng silakbo ng aking
paninibugho. 9 Sapagka't akin ngang sasaulian ang mga
bayan ng dalisay na wika, upang silang lahat ay makatawag
sa pangalan ng Panginoon; na paglingkuran siya na may
pagkakaisa. 10 Mula sa dako roon ng mga ilog ng Etiopia,
ang mga nagsisipamanhik sa akin, sa makatuwid baga'y ang
anak na babae ng aking pinapangalat, ay magdadala ng
handog sa akin. 11 Sa araw na yao'y hindi ka mapapahiya
ng dahil sa lahat ng iyong gawa, na iyong isinalangsang
laban sa akin; sapagka't kung magkagayon aking aalisin
sa gitna mo ang iyong nangagpapalalong nagsasaya, at
hindi ka na magpapalalo pa sa aking banal na bundok. 12
Nguni't aking iiwan sa gitna mo ang isang nagdadalamhati
at maralitang bayan, at sila'y magsisitiwala sa pangalan
ng Panginoon. 13 Ang nalabi sa Israel ay hindi gagawa
ng kasamaan, ni magsasalita man ng mga kabulaanan;
ni masusumpungan man ang isang magdarayang dila sa
kanilang bibig; sapagka't sila'y magsisikain at magsisihiga, at
walang takot sa kanila. 14 Umawit ka, Oh anak na babae ng
Sion; humiyaw ka; Oh Israel; ikaw ay matuwa at magalak ng
buong puso, Oh anak na babae ng Jerusalem. 15 Inalis ng
Panginoon ang mga kahatulan sa iyo, kaniyang iniwaksi ang
iyong kaaway: ang hari sa Israel, sa makatuwid baga'y ang
Panginoon, ay nasa gitna mo; hindi ka na matatakot pa sa
kasamaan. 16 Sa araw na yaon ay sasabihin sa Jerusalem;
Huwag kang matakot; Oh Sion, huwag manghina ang iyong
mga kamay. 17 Ang Panginoon mong Dios ay nasa gitna
mo, na makapangyarihan na magliligtas; siya'y magagalak
dahil sa iyo na may kagalakan; siya'y magpapahinga sa
kaniyang pagibig; siya'y magagalak sa iyo na may pagawit.
18 Aking pipisanin yaong nangamamanglaw dahil sa takdang
kapulungan, na sila'y mga naging iyo; na ang pasan sa
kaniya ay isang kakutyaan. 19 Narito, sa panahong yao'y
aking parurusahan ang lahat na mga dumadalamhati sa
iyo: at aking ililigtas ang napipilay, at aking pipisanin ang
pinalayas; at aking gagawin silang kapurihan at kabantugan,
na ang kahihiyan nila ay napasa buong lupa. 20 Sa panahong
yao'y aking ipapasok kayo, at sa panahong yao'y aking
pipisanin kayo; sapagka't aking gagawin kayong kabantugan
at kapurihan sa gitna ng lahat ng mga bayan sa lupa, pagka
aking ibinalik kayo sa harap ng inyong mga mata mula sa
inyong pagkabihag sabi ng Panginoon.

# Hagai

1 Nang ikalawang taon ni Dario na hari, nang ikaanim na
buwan, nang unang araw ng buwan, dumating ang salita
ng Panginoon sa pamamagitan ni Hagai na propeta kay
Zorobabel na anak ni Sealtiel, na gobernador sa Juda, at
kay Josue na anak ni Josadac na dakilang saserdote, na
nagsasabi, 2 Ganito ang sinasalita ng Panginoon ng mga
hukbo, na sinasabi, ang bayang ito'y nagsasabi, Hindi pa
dumarating ang panahon, ang panahon ng pagtatayo ng
bahay sa Panginoon. 3 Nang magkagayo'y dumating ang
salita ng Panginoon sa pamamagitan ni Hagai na propeta,
na nagsasabi, 4 Panahon baga sa inyo na tumahan sa
inyong mga nakikisamihang bahay, samantalang ang bahay
na ito ay namamalaging wasak? 5 Ngayon nga'y ganito
ang sabi ng Panginoon ng mga hukbo, Gunitain ninyo ang
inyong mga lakad. 6 Kayo'y nangaghasik ng marami, at
nagsisiani ng kaunti; kayo'y nagsisikain, nguni't hindi kayo
nagkaroon ng kahustuhan; kayo'y nagsisiinom, nguni't hindi
kayo nangapapatirang-uhaw; kayo'y nanganamit, nguni't
walang mainit; at yaong kumikita ng mga pinagarawan ay
kumikita ng mga pinagarawan upang ilagay sa supot na may
mga butas. 7 Ganito ang sabi ng Panginoon ng mga hukbo,
Gunitain ninyo ang inyong mga lakad. 8 Magsiahon kayo
sa bundok, at mangagdala ng kahoy, at mangagtayo kayo
ng bahay; at aking kalulugdan, at ako'y luluwalhati, sabi ng
Panginoon. 9 Kayo'y nangaghintay ng marami, at, narito,
ang dumating ay kaunti; at nang inyong dalhin sa bahay,
aking hinipan. Bakit? sabi ng Panginoon ng mga hukbo.
Dahil sa ang aking bahay ay nahahandusay na wasak,
samantalang tumatakbo bawa't isa sa inyo sa kanikaniyang
sariling bahay. 10 Kaya't dahil sa inyo, pinipigil ng langit ang
hamog, at ipinagkakait ng lupa ang kaniyang bunga. 11 At
ako'y nagpasapit ng pagkatuyo sa lupa, at sa mga bundok,
at sa trigo, at sa alak, at sa langis, at sa sumisibol sa lupa,
at sa mga tao, at sa baka, at sa lahat ng pinagpagalan ng
mga kamay. 12 Nang magkagayo'y si Zorobabel na anak
ni Sealtiel, at si Josue na anak ni Josadac, na pangulong
saserdote, sangpu ng buong nalabi sa bayan, nagsitalima sa
tinig ng Panginoon nilang Dios, at sa mga salita ni Hagai
na propeta, na siyang sinugo ng Panginoon nilang Dios;
at ang bayan ay natakot sa harap ng Panginoon. 13 Nang
magkagayo'y nagsalita si Hagai, na sugo ng Panginoon
ayon sa pasugo ng Panginoon sa bayan, na nagsasabi,
Ako'y sumasainyo, sabi ng Panginoon. 14 At kinilos ng
Panginoon ang kalooban ni Zorobabel na anak ni Sealtiel,
na gobernador sa Juda, at ang kalooban ni Josue na anak
ni Josadac na pangulong saserdote, at ang kalooban ng
buong nalabi sa bayan; at sila'y nagsiparoon, at nagsigawa
sa bahay ng Panginoon ng mga hukbo, na kanilang Dios,
15 Nang ikadalawang pu't apat na araw ng buwan, nang
buwang ikaanim, nang ikalawang taon ni Dario na hari.

2 Nang ikapitong buwan nang ikadalawang pu't isang
araw ng buwan, dumating ang salita ng Panginoon sa
pamamagitan ni Hagai na propeta, na nagsasabi, 2 Salitain
mo ngayon kay Zorobabel na anak ni Sealtiel, na gobernador
sa Juda, at kay Josue na anak ni Josadac, na pangulong
saserdote, at sa nalabi sa bayan, na sabihin mo, 3 Sino ang
nananatili sa inyo na nakakita sa bahay na ito sa kaniyang
dating kaluwalhatian? at paanong nakikita ninyo ngayon?
hindi baga sa inyong mga mata ay parang wala? 4 Gayon
ma'y magpakalakas ka ngayon, Oh Zorobabel, sabi ng
Panginoon; at magpakalakas ka, Oh Josue, na anak ni
Josadac, na pangulong saserdote; at mangagpakalakas
kayo, kayong buong bayan sa lupain, sabi ng Panginoon, at
kayo'y magsigawa: sapagka't ako'y sumasa inyo sabi ng
Panginoon ng mga hukbo, 5 Ayon sa salita na aking itinipan
sa inyo nang kayo'y magsilabas sa Egipto, at ang aking
Espiritu ay nanahan sa inyo: huwag kayong mangatakot. 6
Sapagka't ganito ang sabi ng Panginoon ng mga hukbo,
Minsan na lamang, sangdaling panahon, at aking uugain
ang langit, at ang lupa, at ang dagat, at ang tuyong lupa; 7
At aking uugain ang lahat na bansa; at darating ang mga
bagay na nais ng lahat na bansa; at aking pupunuin ang
bahay na ito ng kaluwalhatian, sabi ng Panginoon ng mga
hukbo. 8 Ang pilak ay akin, at ang ginto ay akin, sabi
ng Panginoon ng mga hukbo. 9 Ang huling kaluwalhatian
ng bahay na ito ay magiging lalong dakila kay sa dati,
sabi ng Panginoon ng mga hukbo; at sa dakong ito ay
magbibigay ako ng kapayapaan, sabi ng Panginoon ng
mga hukbo. 10 Nang ikadalawang pu't apat nang ikasiyam
na buwan, nang ikalawang taon ni Dario, dumating ang
salita ng Panginoon sa pamamagitan ni Hagai na propeta,
na nagsasabi, 11 Ganito ang sabi ng Panginoon ng mga
hukbo, Mangagtanong kayo ngayon sa mga saserdote ng
tungkol sa kautusan, na mangagsabi, 12 Kung ang isang tao
ay may dala sa kaniyang kandungan na banal na karne,
at magsagi ng kaniyang laylayan ang tinapay, o ulam, o
alak, o langis, o anomang pagkain, magiging banal pa
baga? At ang mga saserdote ay nagsisagot, at nangagsabi,
Hindi. 13 Nang magkagayo'y sinabi ni Hagai, Kung ang
sinomang marumi dahil sa bangkay ay masagi ang anoman
sa mga ito, magiging marumi baga? At ang mga saserdote
ay nagsisagot at nangagsabi, Magiging marumi. 14 Nang
magkagayo'y sumagot si Hagai, at nagsabi, Gayon nga ang
bayang ito, at gayon ang bansang ito sa harap ko, sabi ng
Panginoon; at gayon ang bawa't gawa ng kanilang mga
kamay; at ang kanilang inihahandog doon ay marumi. 15 At

ngayo'y isinasamo ko sa inyo, na inyong gunitain mula sa
araw na ito at sa nakaraan, bago ang bato ay mapatong
sa kapuwa bato sa templo ng Panginoon. **16** Nang buong
panahong yaon, pagka ang isa ay lumalapit sa isang bunton
ng dalawang pung takal, may sangpu lamang; pagka ang
isa ay lumalapit sa pigaan ng alak upang kumuha ng limang
pung sisidlan, may dalawang pu lamang. **17** Sinalot ko kayo
ng pagkalanta at ng amag at ng granizo sa lahat ng gawa
ng inyong mga kamay; gayon ma'y hindi kayo nanumbalik
sa akin, sabi ng Panginoon. **18** Isinasamo ko nga sa inyo,
na kayo'y magdilidili mula sa araw na ito at sa nakaraan,
mula nang ikadalawang pu't apat na araw ng ikasiyam na
buwan, mula nang araw na ang tatagang-baon ng templo ng
Panginoon ay ilagay, gunitain ninyo. **19** May binhi pa baga
sa kamalig? oo, ang puno ng ubas, at ang puno ng igos,
at ang granada, at ang puno ng olibo ay hindi nagbunga;
mula sa araw na ito ay pagpapalain ko kayo. **20** At ang
salita ng Panginoon ay dumating na ikalawa kay Hagai nang
ikadalawang pu't apat na araw ng buwan, na nagsasabi,
**21** Salitain mo kay Zorobabel na gobernador sa Juda, na
iyong sabihin, Aking uugain ang langit at ang lupa; **22** At
aking guguluhin ang luklukan ng mga kaharian, at aking
gigibain ang lakas ng mga kaharian ng mga bansa; at aking
guguluhin ang mga karo, at yaong nagsisisakay sa mga
yaon; at ang mga kabayo at ang mga sakay ng mga yaon
ay mangahuhulog, ang bawa't isa'y sa pamamagitan ng
tabak ng kaniyang kapatid. **23** Sa araw na yaon, sabi ng
Panginoon ng mga hukbo, kita'y kukunin, Oh Zorobabel, na
aking lingkod, na anak ni Sealtiel, sabi ng Panginoon, at
gagawin kitang pinaka panatak; sapagka't pinili kita, sabi ng
Panginoon ng mga hukbo.

# Zacarias

1 Nang ikawalong buwan, nang ikalawang taon ni Dario,
dumating ang salita ng Panginoon kay Zacarias na anak
ni Berechias, na anak ni Iddo, na propeta, na nagsasabi,
2 Ang Panginoo'y totoong naghinanakit sa inyong mga
magulang. 3 Kaya't sabihin mo sa kanila, Ganito ang sabi ng
Panginoon ng mga hukbo. Manumbalik kayo sa akin, sabi
ng Panginoon ng mga hukbo, at ako'y manunumbalik sa
inyo, sabi ng Panginoon ng mga hukbo. 4 Huwag kayong
maging gaya ng inyong mga magulang, na siyang mga
pinagsabihan ng mga unang propeta, na nangagsabi, Ganito
ang sabi ng Panginoon ng mga hukbo, Manumbalik kayo
ngayon na mula sa inyong mga masamang lakad, at sa
inyong mga masamang gawain: nguni't hindi nila dininig, o
pinakinggan man ako, sabi ng Panginoon. 5 Ang inyong
mga magulang, saan nangandoon sila? at ang mga propeta,
nangabubuhay baga sila ng magpakailan man? 6 Nguni't ang
aking mga salita at ang aking mga palatuntunan, na aking
iniutos sa aking mga lingkod na mga propeta, hindi baga
nagsiabot sa inyong mga magulang? at sila'y nanumbalik at
nangagsabi, Kung paano ang inisip na gawin ng Panginoon
ng mga hukbo sa amin, ayon sa aming mga lakad, at ayon
sa aming mga gawa, gayon ang ginawa niya sa amin. 7
Nang ikadalawang pu't apat na araw ng ikalabing isang
buwan, na siyang buwan ng Sebath, nang ikalawang taon
ni Dario, dumating ang salita ng Panginoon kay Zacarias,
na anak ni Berechias, na anak ni Iddo, na propeta, na
nagsasabi, 8 Aking nakita sa gabi, at, narito, ang isang
lalaking nakasakay sa isang mapulang kabayo, at siya'y
tumayo sa mga puno ng mirto, na nasa pinakamababa;
at sa likuran niya'y may mga kabayong mapula, alazan,
at maputi. 9 Nang magkagayo'y sinabi, Oh Panginoon ko,
ano ang mga ito? At ang anghel na nakikipagusap sa akin
ay nagsabi sa akin, Aking ipakikita sa iyo kung ano-ano
ang mga ito. 10 At ang lalake na nakatayo sa mga puno
ng mirto ay sumagot at nagsabi, Ang mga ito yaong mga
sinugo ng Panginoon na magsilibot sa lupa. 11 At sila'y
nagsisagot sa anghel ng Panginoon na nakatayo sa mga
puno ng mirto, at nagsabi, Aming nilibot ang lupa, at, narito,
ang buong lupa ay tahimik, at tiwasay. 12 Nang magkagayo'y
ang anghel ng Panginoon ay sumagot at nagsabi, Oh
Panginoon ng mga hukbo, hanggang kailan mawawalan ka
ng habag sa Jerusalem at sa mga bayan ng Juda, laban sa
iyong mga kinagalitan nitong pitong pung taon? 13 At ang
Panginoo'y sumagot sa anghel na nakikipagusap sa akin
ng mga mabuting salita, ng mga salitang pangaliw. 14 Sa
gayo'y ang anghel na nakikipagusap sa akin ay nagsabi
sa akin. Ikaw ay humiyaw, na iyong sabihin, Ganito ang
sabi ng Panginoon ng mga hukbo: Ako'y naninibugho sa
Jerusalem at sa Sion ng malaking paninibugho. 15 At ako'y
totoong naghihinanakit sa mga bansa na mga tiwasay;
sapagka't ako'y naghinanakit ng kaunti, at sila'y nagsitulong
ng pagbubungad ng kadalamhatian. 16 Kaya't ganito ang
sabi ng Panginoon, Ako'y nagbalik sa Jerusalem na may
taglay na mga pagkahabag; ang aking bahay ay matatayo
roon, sabi ng Panginoon ng mga hukbo, at isang pising
panukat ay mauunat sa ibabaw ng Jerusalem. 17 Humiyaw
ka pa uli, na iyong sabihin, Ganito ang sabi ng Panginoon
ng mga hukbo, Ang aking mga bayan ay sasagana dahil
sa pagkasulong; at aaliwin pa ng Panginoon ang Sion, at
pipiliin pa ang Jerusalem. 18 At aking itinanaw ang aking
mga mata, at aking nakita, at, narito, ang apat na sungay. 19
At aking sinabi sa anghel na nakikipagusap sa akin, Ano
ang mga ito? At siya'y sumagot sa akin, Ito ang mga sungay
sa nagpangalat sa Juda, sa Israel, at sa Jerusalem. 20 At
ipinakita sa akin ng Panginoon ang apat na panday. 21
Nang magkagayo'y sinabi ko, Ano ang ipinaritong gawin
ng mga ito? At siya'y nagsalita na nagsabi, Ito ang mga
sungay na nagpangalat sa Juda, na anopa't walang lalake
na nagtaas ng kaniyang ulo; nguni't ang mga ito'y naparito
upang takutin sila, upang ihulog ang mga sungay ng mga
bansa, na nagtaas ng kanilang mga sungay laban sa lupain
ng Juda upang pangalatin.

2 At aking itinanaw ang aking mga mata, at aking nakita
at, narito, ang isang lalake na may panukat na pisi sa
kaniyang kamay. 2 Nang magkagayo'y sinabi ko, Saan
ka paroroon? At sinabi niya sa akin, Upang sukatin ang
Jerusalem, upang tingnan kung gaano ang luwang, at kung
gaano ang haba. 3 At, narito, ang anghel na nakikipagusap sa
akin ay umalis, at ibang anghel ay lumabas na sumalubong
sa kaniya, 4 At sinabi sa kaniya, Tumakbo ka, iyong salitain
sa binatang ito, na sabihin, Ang Jerusalem ay tatahanan na
parang mga nayon na walang mga kuta, dahil sa karamihan
ng mga tao at hayop doon. 5 Sapagka't ako, sabi ng
Panginoon, ay magiging sa kaniya'y isang kutang apoy sa
palibot, at ako'y magiging kaluwalhatian sa gitna niya. 6 Oy,
oy, magsitakas kayo mula sa lupain ng hilagaan, sabi ng
Panginoon; sapagka't kayo'y aking pinangalat na parang
apat na hangin sa himpapawid, sabi ng Panginoon. 7 Oy
Sion, tumanan ka, ikaw na tumatahan na kasama ng anak
na babae ng Babilonia. 8 Sapagka't ganito ang sabi ng
Panginoon ng mga hukbo: Dahil sa kaluwalhatian ay sinugo
niya ako sa mga bansa na nanamsam sa inyo; sapagka't
ang humihipo sa inyo, ay humihipo sa itim ng kaniyang mata.
9 Sapagka't narito, aking ikukumpas ang aking kamay sa
kanila, at sila'y magiging samsam niyaong nangaglilingkod
sa kanila; at inyong malalaman na ang Panginoon ng mga

hukbo ang nagsugo sa akin. 10 Ikaw ay umawit at magalak,
Oh anak na babae ng Sion; sapagka't narito, ako'y naparirito,
at ako'y tatahan sa gitna mo, sabi ng Panginoon. 11 At
maraming bansa ay magpipisan sa Panginoon sa araw na
yaon, at magiging aking bayan; at ako'y tatahan sa gitna
mo, at iyong malalaman na ang Panginoon ng mga hukbo
ay siyang nagsugo sa akin sa iyo. 12 At mamanahin ng
Panginoon ang Juda na pinaka bahagi niya sa banal na
lupain at pipiliin pa ang Jerusalem. 13 Tumahimik ang lahat
na tao, sa harap ng Panginoon; sapagka't siya'y gumising
na sa kaniyang banal na tahanan.

3 At ipinakita niya sa akin si Josue na pangulong saserdote
na nakatayo sa harap ng anghel ng Panginoon, at si
Satanas na nakatayo sa kaniyang kanan upang maging
kaniyang kaaway. 2 At sinabi ng Panginoon kay Satanas,
Sawayin ka nawa ng Panginoon, Oh Satanas; oo, ang
Panginoon na pumili ng Jerusalem ay sumaway nawa sa iyo:
di baga ito'y isang dupong na naagaw sa apoy? 3 Si Josue
nga ay nabibihisan ng maruming kasuutan, at nakatayo sa
harap ng anghel. 4 At siya'y sumagot at nagsalita sa mga
yaon na nangakatayo sa harap niya, na nagsabi, Hubarin
ninyo ang mga maruming suot sa kaniya. At sa kaniya'y
kaniyang sinabi, Narito, aking pinaram ang iyong kasamaan,
at aking susuutan ka ng mainam na kasuutan. 5 At aking
sinabi, Suutan siya nila ng isang magandang mitra sa
kaniyang ulo. Sa gayo'y sinuutan siya ng magandang mitra
sa kaniyang ulo, at sinuutan siya ng mga kasuutan; at ang
anghel ng Panginoon ay nakatayo sa siping. 6 At ang anghel
ng Panginoon ay tumutol kay Josue, na nagsabi, 7 Ganito
ang sabi ng Panginoon ng mga hukbo, Kung ikaw ay lalakad
sa aking mga daan, at kung iyong iingatan ang aking bilin,
iyo nga ring hahatulan ang aking bayan, at iyo ring iingatan
ang aking mga looban, at bibigyan kita ng kalalagyan sa
gitna ng mga ito na nangakaharap. 8 Dinggin mo ngayon,
Oh Josue, na pangulong saserdote, dinggin mo, at ng iyong
mga kasama na nangakaupo sa harap mo; sapagka't sila'y
mga taong pinaka tanda: sapagka't narito, aking ilalabas ang
aking lingkod na Sanga. 9 Sapagka't, narito, ang bato na
aking inilagay sa harap ni Josue; sa ibabaw ng isang bato
ay may pitong mata: narito, aking iuukit ang ukit niyaon, sabi
ng Panginoon ng mga hukbo, at aking aalisin ang kasamaan
ng lupaing yaon sa isang araw. 10 Sa araw na yaon, sabi ng
Panginoon ng mga hukbo, tatawagin ng bawa't isa sa inyo
ang kaniyang kapuwa sa lilim ng puno ng ubas, at sa lilim ng
puno ng igos.

4 At ang anghel na nakipagusap sa akin ay bumalik, at
ginising ako, na gaya ng tao na nagigising sa kaniyang
pagkakatulog. 2 At sinabi niya sa akin, Ano ang iyong
nakikita? At aking sinabi, Ako'y tumingin, at, narito, isang
kandelero na taganas na ginto, na may taza sa ibabaw
niyaon, at ang pitong ilawan niyaon sa ibabaw; may pitong
tubo sa bawa't isa sa mga ilawan na nasa ibabaw niyaon; 3
At may dalawang puno ng olibo sa siping niyaon, isa sa
dakong kanan ng taza, at ang isa'y sa dakong kaliwa niyaon.
4 At ako'y sumagot at nagsalita sa anghel na nakikipagusap
sa akin, na aking sinabi, Anong mga bagay ito, panginoon
ko? 5 Nang magkagayo'y ang anghel na nakikipagusap
sa akin ay sumagot na nagsabi sa akin, Hindi mo baga
nalalaman kung ano ang mga ito? At aking sinabi, Hindi,
panginoon ko. 6 Nang magkagayo'y siya'y sumagot at
nagsalita sa akin, na nagsasabi, Ito ang salita ng Panginoon
kay Zorobabel, na sinasabi, Hindi sa pamamagitan ng
kalakasan, ni ng kapangyarihan, kundi sa pamamagitan ng
aking Espiritu, sabi ng Panginoon ng mga hukbo. 7 Sino ka,
Oh malaking bundok? sa harap ni Zorobabel ay magiging
kapatagan ka; at kaniyang ilalabas ang pangulong bato na
may hiyawan, Biyaya, biyaya sa kaniya. 8 Bukod dito'y ang
salita ng Panginoon ay dumating sa akin, na nagsasabi,
9 Ang mga kamay ni Zorobabel ay siyang naglagay ng
mga tatagang-baon ng bahay na ito; ang kaniyang mga
kamay ay siya ring tatapos; at iyong malalaman na ang
Panginoon ng mga hukbo ay siyang nagsugo sa akin sa
inyo. 10 Sapagka't sinong nagsihamak sa araw ng maliliit
na bagay? sapagka't ang pitong ito ay mangagagalak, at
makikita nila ang pabatong tingga sa kamay ni Zorobabel;
ang mga ito'y mga mata ng Panginoon, na nangagpaparoo't
parito sa buong lupa. 11 Nang magkagayo'y sumagot ako,
at nagsabi sa kaniya, Ano itong dalawang puno ng olibo
sa dakong kanan kandelero, at sa dakong kaliwa? 12 At
ako'y sumagot na ikalawa, at nagsabi sa kaniya: Ano ang
dalawang sangang olibong ito na nasa siping ng dalawang
gintong padaluyan, na dinadaluyan ng langis na ginintuan?
13 At siya'y sumagot sa akin, at nagsabi, Hindi mo baga
nalalaman kung ano ang mga ito? At aking sinabi, Hindi,
panginoon ko. 14 Nang magkagayo'y sinabi niya, Ito ang
dalawang anak na pinahiran ng langis, na nakatayo sa siping
ng Panginoon ng buong lupa.

5 Nang magkagayo'y itinanaw ko uli ang aking mga mata,
at aking nakita, at, narito, isang lumilipad na balumbon.
2 At sinabi niya sa akin, Ano ang iyong nakikita? At ako'y
sumagot, Aking nakikita'y isang lumilipad na balumbon;
ang haba niyaon ay dalawang pung siko, at ang luwang
niyaon ay sangpung siko. 3 Nang magkagayo'y sinabi
niya sa akin, Ito ang sumpa na lumalabas sa ibabaw
ng buong lupain: sapagka't ang bawa't nagnanakaw ay
mahihiwalay sa isang dako ayon doon; at bawa't manunumpa
ay mahihiwalay sa kabilang dako ayon doon. 4 Aking ilalabas

yaon, sabi ng Panginoon ng mga hukbo, at papasok sa
bahay ng magnanakaw, at sa bahay niyaong nanunumpa
ng kasinungalingan sa pangalan ko; at tatahan sa gitna ng
bahay niya, at pupugnawin sangpu ng mga kahoy niyaon
at mga bato niyaon. **5** Nang magkagayo'y ang anghel na
nakikipagusap sa akin ay lumabas, at nagsabi sa akin,
itanaw mo ngayon ang iyong mga mata, at tingnan mo
kung ano ito na lumalabas. **6** At aking sinabi, Ano yaon?
At kaniyang sinabi, Ito ang efa na lumalabas. Sinabi niya
bukod dito, Ito ang kawangis nila sa buong lupain. **7** (At,
narito, itinaas ang isang talentong tingga); at ito'y isang
babae na nauupo sa gitna ng efa. **8** At kaniyang sinabi,
Ito ang kasamaan; at kaniyang inihagis sa loob ng gitna
ng efa: at kaniyang inihagis ang panimbang na tingga sa
bunganga niyaon. **9** Nang magkagayo'y itinanaw ko ang
aking mga mata, at aking nakita at, narito, lumabas ang
dalawang babae, at may dalang hangin sa kanilang mga
pakpak; sila nga'y may mga pakpak na gaya ng mga pakpak
ng tagak: at kanilang itinaas ang efa sa pagitan ng lupa
at ng langit. **10** Nang magkagayo'y sinabi ko sa anghel na
nakikipagusap sa akin, Saan dinadala ng mga ito ang efa?
**11** At sinabi niya sa akin, Upang ipagtayo siya ng bahay sa
lupain ng Shinar: at pagka nahanda na, siya'y malalagay
roon sa kaniyang sariling dako.

**6** At itinanaw ko uli ang aking mga mata, at aking nakita
at, narito, lumabas ang apat na karo mula sa pagitan ng
dalawang bundok; at ang mga bundok ay mga bundok na
tanso. **2** Sa unang karo ay may mga kabayong mapula;
at sa ikalawang karo ay mga kabayong maitim; **3** At sa
ikatlong karo ay may mga kabayong maputi; at sa ikaapat
na karo ay mga kabayong kulay abo. **4** Nang magkagayo'y
ako'y sumagot at sinabi ko sa anghel na nakikipagusap
sa akin, Ano ang mga ito, panginoon ko? **5** At ang anghel
ay sumagot at nagsabi sa akin, Ito ang apat na hangin sa
himpapawid, na lumalabas na pinakasugo mula sa harapan
ng Panginoon ng buong lupa. **6** Ang karo na kinasisingkawan
ng mga kabayong maitim ay lumalabas sa dakong lupaing
hilagaan; at ang sa mga maputi ay lumabas na kasunod ng
mga yaon; at ang mga kulay abo ay nagsilabas sa dakong
lupaing timugan. **7** At ang mga malakas ay nagsilabas,
at nangagpumilit na yumaon upang malibot ang lupa: at
kaniyang sinabi, Kayo'y magsiyaon at magparoo't parito sa
buong lupa. Sa gayo'y sila'y nangagparoo't parito sa buong
lupa. **8** Nang magkagayo'y hiniyawan niya ako, at nagsalita
sa akin, na nagsasabi, Narito, silang nagsiparito sa dakong
lupaing hilagaan ay nagpatahimik sa aking diwa sa lupaing
hilagaan. **9** At ang salita ng Panginoon ay dumating sa akin,
na nagsasabi, **10** Kumuha ka sa nangabihag, kay Heldai,
kay Tobias, at kay Jedaia; at yumaon ka sa araw ding yaon,
at pumasok ka sa bahay ni Josias na anak ni Sefanias, na
nagsibalik mula sa Babilonia; **11** Oo, kumuha ka sa kanila ng
pilak at ginto, at gawin mong mga putong, at mga iputong mo
sa ulo ni Josue na anak ni Josadac, na pangulong saserdote.
**12** At salitain mo sa kaniya, na sabihin, Ganito ang salita ng
Panginoon ng mga hukbo, na nagsasabi, Narito, ang lalake
na ang pangala'y Sanga: at siya'y sisibol sa kaniyang dako;
at itatayo niya ang templo ng Panginoon; **13** Sa makatuwid
baga'y kaniyang itatayo ang templo ng Panginoon; at siya'y
magtataglay ng kaluwalhatian, at mauupo at magpupuno sa
kaniyang luklukan; at siya'y magiging saserdote sa kaniyang
luklukan: at ang payo ng kapayapaan ay mapapasa pagitan
nila kapuwa. **14** At ang mga putong ay magiging pinakaalaala
sa templo ng Panginoon kay Helem, at kay Tobias, at kay
Jedaia, at kay Hen na anak ni Sefanias. **15** At silang nangasa
malayo ay magsisiparito at mangagtatayo sa loob ng templo
ng Panginoon, at inyong malalaman na ang Panginoon ng
mga hukbo ay siyang nagsugo sa akin sa inyo. At ito'y
mangyayari kung inyong tatalimahing masikap ang tinig ng
Panginoon ninyong Dios.

**7** At nangyari, nang ikaapat na taon ng haring si Dario, na
ang salita ng Panginoon ay dumating kay Zacarias nang
ikaapat na araw ng ikasiyam na buwan, sa makatuwid baga'y
sa Chislev. **2** Sinugo nga ng mga taga Beth-el si Sareser
at si Regem-melech, at ang kanilang mga lalake, upang
hilingin ang lingap ng Panginoon, **3** At upang magsalita sa
mga saserdote ng bahay ng Panginoon ng mga hukbo, at
sa mga propeta, na sabihin, Iiyak baga ako sa ikalimang
buwan, na ako'y hihiwalay, gaya ng aking ginawa nitong
maraming taon? **4** Nang magkagayo'y dumating ang salita ng
Panginoon ng mga hukbo sa akin, na nagsasabi, **5** Salitain
mo sa lahat ng tao ng lupain at sa mga saserdote, na iyong
sabihin, Nang kayo'y magayuno, at tumangis ng ikalima
at ikapitong buwan, nito ngang pitong pung taon, kayo
baga'y nagayunong lubos sa akin, para sa akin? **6** At pagka
kayo'y nagsisikain, at pagka kayo'y nagsisiinom, di baga
kayo'y nagsisikain sa ganang inyong sarili at nagsisiinom, sa
ganang inyong sarili? **7** Di baga ninyo dapat dinggin ang
mga salita na isinigaw ng Panginoon sa pamamagitan ng
mga unang propeta, nang ang Jerusalem ay tinatahanan at
nasa kaginhawahan, at ang mga bayan niyaon na nangasa
palibot niya, at ang Timugan, at ang mababang lupain ay
tinatahanan? **8** At ang salita ng Panginoon ay dumating kay
Zacarias na nagsasabi, **9** Ganito ang sinalita ng Panginoon
ng mga hukbo, na nagsasabi, Mangaglapat kayo ng tunay na
kahatulan, at magpakita ng kaawaan at ng kahabagan ang
bawa't isa sa kaniyang kapatid, **10** At huwag ninyong pighatiin
ang babaing bao, ni ang ulila man, ang taga ibang lupa, ni
ang dukha man; at sinoman sa inyo ay huwag magisip ng

kasamaan sa inyong puso laban sa kaniyang kapatid. 11
Nguni't kanilang tinanggihang dinggin, at kanilang iniurong
ang balikat, at nagtakip ng pakinig, upang huwag nilang
marinig. 12 Oo, kanilang ginawa na parang batong diamante
ang kanilang puso upang huwag magsidinig ng kautusan, at
ng mga salita na ipinasugo ng Panginoon ng mga hukbo sa
pamamagitan ng kaniyang Espiritu, ng mga unang propeta:
kaya't dumating ang malaking poot na mula sa Panginoon
ng mga hukbo. 13 At nangyari, na kung paanong siya'y
sumigaw, at hindi nila dininig, ay gayon sila sisigaw, at hindi
ko didinggin, sabi ng Panginoon ng mga hukbo; 14 Kundi
aking pangangalatin sila sa pamamagitan ng ipoipo sa gitna
ng lahat na bansa na hindi nila nakilala. Ganito nasira ang
lupain pagkatapos nila, na anopa't walang tao na nagdadaan
o nagbabalik: sapagka't kanilang inihandusay na sira ang
kaayaayang lupain.

**8** At ang salita ng Panginoon ng mga hukbo ay dumating
sa akin, na nagsasabi, 2 Ganito ang sabi ng Panginoon
ng mga hukbo, Ako'y may paninibugho sa Sion ng malaking
paninibugho, at ako'y may paninibugho sa kaniya ng malaking
poot. 3 Ganito ang sabi ng Panginoon, Ako'y nagbalik sa
Sion, at tatahan ako sa gitna ng Jerusalem: at ang Jerusalem
ay tatawagin, Bayan ng katotohanan; at ang bundok ng
Panginoon ng mga hukbo, Ang banal na bundok. 4 Ganito
ang sabi ng Panginoon ng mga hukbo, Tatahanan pa ng
mga matandang lalake at babae ang mga lansangan ng
Jerusalem, bawa't tao na may kaniyang tungkod sa kaniyang
kamay dahil sa totoong katandaan. 5 At ang mga lansangan
ng bayan ay mapupuno ng mga batang lalake at babae na
naglalaro sa mga lansangan niyaon. 6 Ganito ang sabi ng
Panginoon ng mga hukbo, Kung maging kagilagilalas sa
mga mata ng nalabi sa bayang ito sa mga araw na yaon,
magiging kagilagilalas din naman baga sa aking mga mata?
sabi ng Panginoon ng mga hukbo. 7 Ganito ang sabi ng
Panginoon ng mga hukbo, Narito, aking ililigtas ang aking
bayan sa lupaing silanganan at sa lupaing kalunuran; 8
At aking dadalhin sila, at sila'y magsisitahan sa gitna ng
Jerusalem; at sila'y magiging aking bayan, at ako'y magiging
kanilang Dios, sa katotohanan at sa katuwiran. 9 Ganito ang
sabi ng Panginoon ng mga hukbo, Inyong palakasin ang
inyong mga kamay, ninyong nangakakarinig sa mga araw na
ito ng mga salitang ito sa bibig ng mga propeta, mula nang
araw na ilagay ang tatagang-baon sa bahay ng Panginoon
ng mga hukbo, sa templo, upang matayo. 10 Sapagka't bago
dumating ang mga araw na yaon ay walang upa sa tao, ni
anomang upa sa hayop; at wala ring anomang kapayapaan
doon sa lumalabas o pumapasok dahil sa kaaway: sapagka't
aking inilagay ang lahat na tao na bawa't isa'y laban sa
kaniyang kapuwa. 11 Nguni't ngayo'y sa nalabi sa bayang ito
ay hindi ako magiging gaya ng mga unang araw, sabi ng
Panginoon ng mga hukbo. 12 Sapagka't magkakaroon ng
binhi ng kapayapaan; ang puno ng ubas ay magbubunga,
at ang lupa'y mapapakinabangan, at ibibigay ng langit ang
kaniyang hamog; at aking ipamamana sa nalabi sa bayang
ito ang lahat na bagay na ito. 13 At mangyayari, na kung
paanong kayo'y naging isang sumpa sa gitna ng mga bansa,
Oh sangbahayan ni Juda, at sangbahayan ni Israel, gayon
ko kayo ililigtas, at kayo'y magiging isang kapalaran. Huwag
kayong mangatakot, kundi inyong palakasin ang inyong mga
kamay. 14 Sapagka't ganito ang sabi ng Panginoon ng mga
hukbo, Kung paanong inisip kong gawan kayo ng masama,
nang mungkahiin ako ng inyong mga magulang sa poot,
sabi ng Panginoon ng mga hukbo, at hindi ako nagsisi; 15
Gayon ko uli inisip sa mga araw na ito na gawan ng mabuti
ang Jerusalem at ang sangbahayan ni Juda: huwag kayong
mangatakot. 16 Ito ang mga bagay na inyong gagawin,
Magsalita ang bawa't isa sa inyo ng katotohanan sa kaniyang
kapuwa; humatol kayo ng katotohanan at kapayapaan sa
inyong mga pintuang-bayan; 17 At huwag magisip ang
sinoman sa inyo ng kasamaan sa inyong puso laban sa
kaniyang kapuwa; at huwag ninyong ibigin ang sinungaling
na sumpa: sapagka't ang lahat ng ito ay mga bagay na
aking kinapopootan, sabi ng Panginoon. 18 At ang salita ng
Panginoon ng mga hukbo ay dumating sa akin, na nagsasabi,
19 Ganito ang sabi ng Panginoon ng mga hukbo, Ang ayuno
sa ikaapat na buwan, at ang ayuno sa ikalima, at ang ayuno
sa ikapito, at ang ayuno sa ikasangpu, ay magiging sa
sangbahayan, ni Juda'y kagalakan at kaligayahan, at mga
masayang kapistahan; kaya't inyong ibigin ang katotohanan
at kapayapaan. 20 Ganito ang sabi ng Panginoon ng mga
hukbo, Mangyayari pa, na darating ang mga bansa, at ang
nagsisitahan sa maraming bayan; 21 At ang nagsisitahan sa
isang bayan ay paroroon sa isa, na magsasabi, Magsiparoon
tayong madali, na ating hilingin ang lingap ng Panginoon,
at hanapin ang Panginoon ng mga hukbo; ako man ay
paroroon. 22 Oo, maraming bansa at mga matibay na bansa
ay magsisiparoon upang hanapin ang Panginoon ng mga
hukbo sa Jerusalem, at hilingin ang lingap ng Panginoon. 23
Ganito ang sabi ng Panginoon ng mga hukbo, Sa mga araw
na yao'y mangyayari, na sangpung lalake sa lahat ng wika
sa mga bansa ay magtatanganan, sila nga'y magsisitangan
sa laylayan niya na Judio, na mangagsasabi, Kami ay
magsisiyaong kasama mo, sapagka't aming narinig na ang
Dios ay kasama mo.

**9** Ang hula na salita ng Panginoon laban sa lupain ng
Hadrach, at Damasco ang magiging pahingahang dako
niyaon, (sapagka't ang mata ng tao at ang lahat ng mga lipi
ng Israel ay nasa Panginoon); 2 At gayon din sa Hamath,

na kahangganan nito; sa Tiro at Sidon, sapagka't sila'y
totoong pantas. 3 At ang Tiro ay nagtayo ng katibayan, at
nagbunton ng pilak na parang alabok, at ng mainam na ginto
na parang putik sa mga lansangan. 4 Narito, aalisan siya ng
Panginoon, at kaniyang sisirain sa dagat ang kapangyarihan
niya; at siya'y lalamunin ng apoy. 5 Makikita ng Ascalon, at
matatakot; ng Gaza rin, at mamamanglaw na mainam, at ng
Ecron, sapagka't ang kaniyang pagasa ay mapapahiya; at
ang hari ay mamamatay sa Gaza, at ang Ascalon ay hindi
tatahanan. 6 At isang anak sa ligaw ay tatahan sa Asdod,
at aking puputulin ang kapalaluan ng mga Filisteo. 7 At
aking aalisin ang kaniyang dugo sa kaniyang bibig, at ang
kaniyang mga kasuklamsuklam sa pagitan ng kaniyang mga
ngipin; at siya nama'y maiiwan para sa ating Dios: at siya'y
magiging gaya ng pangulo sa Juda, at ang Ecron ay gaya
ng Jebuseo. 8 At ako'y magtitirik ng kampamento sa palibot
ng aking bahay laban sa hukbo, na walang makadadaan
ni makababalik; at walang mamimighati na daraan pa sa
mga yaon: sapagka't ngayo'y tumingin ako ng aking mga
mata. 9 Magalak kang mainam, Oh anak na babae ng
Sion; humiyaw ka, Oh anak na babae ng Jerusalem: narito,
ang iyong hari ay napaparito sa iyo; siya'y ganap at may
pagliligtas; mapagmababa, at nakasakay sa isang asno,
sa isang batang asno na anak ng asnong babae. 10 At
aking ihihiwalay ang karo mula sa Ephraim, at ang kabayo'y
mula sa Jerusalem; at ang mga busog na pangbaka ay
mapuputol; at siya'y magsasalita ng kapayapaan sa mga
bansa: at ang kaniyang kapangyarihan ay magiging sa
dagat at dagat, at mula sa ilog hanggang sa mga wakas ng
lupa. 11 Tungkol sa iyo naman, dahil sa dugo ng iyong tipan
ay aking pinalabas ang iyong mga bilanggo sa hukay na
walang tubig. 12 Mangagbalik kayo sa katibayan, kayong
mga bilanggo na may pag-asa, ngayo'y aking inihahayag
na aking igagawad sa inyo na makalawa. 13 Sapagka't
aking binaluktot ang Juda para sa akin, aking inakmaan ang
Ephraim ng busog; at aking gigisingin ang iyong mga anak,
Oh Sion, laban sa iyong mga anak, Oh Grecia, at gagawin
kitang parang tabak ng makapangyarihang lalake. 14 At ang
Panginoo'y makikita sa itaas nila; at lalabas ang kaniyang
pana na parang kidlat; at ang Panginoong Dios ay hihihip ng
pakakak, at yayaon na kasama ng mga ipoipo sa timugan.
15 Ipagsasanggalang sila ng Panginoon ng mga hukbo; at
sila'y mangananakmal, at kanilang yayapakan ang mga
batong panghilagpos; at sila'y magsisiinom, at mangagiingay
na gaya ng sa alak; at sila'y mangapupunong parang mga
taza, parang mga sulok ng dambana. 16 At ililigtas sila ng
Panginoon nilang Dios sa araw na yaon na gaya ng kawan
ng kaniyang bayan; sapagka't magiging gaya ng mga bato
ng isang putong na nataas sa mataas sa kaniyang lupain.
17 Sapagka't pagkalaki ng kaniyang kabutihan, at pagkalaki
ng kaniyang kagandahan! pagiginhawahin ng trigo ang mga
binata, at ng bagong alak ang mga dalaga;

**10** Hingin ninyo sa Panginoon ang ulan sa kapanahunan
ng huling ulan, sa Panginoon na nagpapakidlat; at
kaniyang bibigyan sila ng ulan, at ang bawa't isa'y ng damo
sa parang. 2 Sapagka't ang mga teraf ay nagsalita ng walang
kabuluhan, at ang mga manghuhula ay nangakakita ng isang
kabulaanan; at sila'y nangagsaysay ng mga kabulaanang
panaginip, sila'y nagsisialiw ng walang kabuluhan: kaya't
sila'y nagsisiyaon ng kanilang lakad na parang mga tupa,
sila'y nadadalamhati, sapagka't walang pastor. 3 Ang aking
galit ay nagalab laban sa mga pastor, at aking parurusahan
ang mga lalaking kambing; sapagka't dinalaw ng Panginoon
ng mga hukbo ang kaniyang kawan na sangbahayan ni
Juda, at kaniyang gagawin silang parang magilas na kabayo
sa pagbabaka. 4 Sa kaniya lalabas ang batong panulok,
sa kaniya ang pako, sa kaniya ang busog na pangbaka,
sa kaniya ang bawa't pinuno na magkakasama. 5 At
sila'y magiging parang mga makapangyarihang lalake, na
yayapakan nila ang kanilang mga kaaway sa putik sa mga
lansangan sa pagbabaka; at sila'y magsisilaban, sapagka't
ang Panginoon ay sumasakanila; at ang mga mangangabayo
ay mangatutulig. 6 At aking palalakasin ang sangbahayan ni
Juda, at aking ililigtas ang sangbahayan ni Jose, at aking
ibabalik sila uli; sapagka't ako'y naawa sa kanila; at sila'y
magiging parang hindi ko itinakuwil: sapagka't ako ang
Panginoon nilang Dios, at aking didinggin sila. 7 At ang
mga sa Ephraim ay magiging parang makapangyarihang
lalake, at ang kanilang puso ay mangagagalak na gaya
ng sa alak; oo, ito'y makikita ng kanilang mga anak, at
mangagagalak: ang kanilang puso ay masasayahan sa
Panginoon. 8 Aking susutsutan sila, at sila'y pipisanin;
sapagka't aking tinubos sila; at sila'y magsisidami ng gaya
ng kanilang dinami. 9 At aking pangangalatin sila sa gitna ng
mga bansa; at aalalahanin nila ako sa mga malayong lupain;
at sila'y nagsisitahang kasama ng kanilang mga anak, at
magsisipagbalik. 10 Aking dadalhin uli sila mula sa lupain ng
Egipto, at pipisanin sila mula sa Asiria; at aking dadalhin
sila sa lupain ng Galaad at Libano; at walang dakong
masusumpungan para sa kanila. 11 At siya'y magdadaan
ng dagat ng kadalamhatian, at hahawiin ang mga alon sa
dagat, at ang lahat ng kalaliman sa Nilo ay matutuyo; at ang
kapalaluan ng Asiria ay mababagsak, at ang cetro ng Egipto
ay mawawala. 12 At aking palalakasin sila sa Panginoon;
at sila'y magsisilakad na paitaas at paibaba sa kaniyang
pangalan, sabi ng Panginoon.

**11** Ibukas mo ang iyong mga pinto, Oh Libano, upang
supukin ng apoy ang iyong mga cedro. **2** Manambitan
ka, Oh puno ng abeto, sapagka't ang cedro ay nabuwal,
sapagka't ang mga mabuti ay nabuwal; magsipanambitan
kayo, Oh mga encina sa Basan, sapagka't ang matibay
na gubat ay nasira. **3** Ang isang hugong ng panambitan
ng mga pastor! sapagka't ang kanilang kaluwalhatian ay
nasira; ang isang hugong ng ungal ng mga batang leon!
sapagka't ang kapalaluan ng Jordan ay nasira. **4** Ganito ang
sabi ng Panginoon kong Dios, Pakanin mo ang kawan na
papatayin; **5** Na mga pinapatay ng mga mayari, at hindi
mga inaaring maysala; at silang nangagbibili ng mga yaon
ay nangagsasabi, Purihin ang Panginoon, sapagka't akoy
mayaman; at ang kanilang sariling mga pastor ay hindi
nangaawa sa mga yaon. **6** Sapagka't hindi na ako maaawa
sa nagsisitahan sa lupain, sabi ng Panginoon; kundi, narito,
aking ibibigay ang bawa't isa ng mga tao sa kamay ng
kaniyang kapuwa, at sa kamay ng kaniyang hari; at kanilang
ipapahamak ang lupain, at mula sa kanilang kamay ay
di ko ililigtas sila. **7** Sa gayo'y aking pinapanginain ang
kawan na papatayin, katotohanang kaawaawang kawan.
At nagdala ako ng dalawang tungkod; ang isa'y tinawag
kong Maganda, at ang isa'y tinawag kong mga Panali;
at aking pinapanginain ang kawan. **8** At aking inihiwalay
ang tatlong pastor sa isang buwan; sapagka't ang aking
kaluluwa ay nagsawa sa kanila, at sila'y nayamot sa akin. **9**
Nang magkagayo'y sinabi ko, Hindi ko na papanginginainin
kayo: ang namamatay, ay mamatay; at ang nahihiwalay,
ay mahiwalay; at ang mangaiwan ay mangagkainan ng
laman ng isa't isa. **10** At hinawakan ko ang aking tungkod na
Maganda, at aking binali, upang aking sirain ang aking tipan
na aking ipinakipagtipan sa lahat ng mga bayan. **11** At nasira
nang araw na yaon; at ganito nakilala ng kaawaawa sa
kawan na nagmamasid sa akin na yao'y salita ng Panginoon.
**12** At sinabi ko sa kanila; Kung inaakala ninyong mabuti,
bigyan ninyo ako ng aking kaupahan; at kung hindi, inyong
pabayaan. Sa gayo'y kanilang tinimbangan ang kaupahan
ko ng tatlong pung putol na pilak. **13** At sinabi ng Panginoon
sa akin, Ihagis mo sa magpapalyok, ang mainam na halaga
na aking inihalaga sa kanila. At aking kinuha ang tatlong
pung putol na pilak, at inihagis ko sa magpapalyok sa bahay
ng Panginoon. **14** Nang magkagayo'y binali ko ang aking
isang tungkod, sa makatuwid baga'y ang mga Panali, upang
aking masira ang pagkakapatiran ng Juda at ng Israel. **15** At
sinabi sa akin ng Panginoon. Magdala ka pa uli ng mga
kasangkapan ng isang mangmang na pastor. **16** Sapagka't,
narito, ako'y magtitindig ng isang pastor sa lupain, na hindi
dadalawin yaong nangahihiwalay, ni hahanapin man yaong
nangaliligaw, ni pagagalingin man yaong mga pilay; ni
papanginginainin man yaong mga magaling kundi kaniyang
kakanin ang laman ng mataba at lulurayin ang kanilang
mga kuko. **17** Sa aba ng walang kabuluhang pastor na
nagpapabaya ng kawan! ang tabak ay sasapit sa kaniyang
kamay, at sa kaniyang kanang mata: ang kaniyang kamay
ay matutuyong mainam, at ang kaniyang kanang mata ay
lalabong lubos.

**12** Ang hula na salita ng Panginoon tungkol sa Israel.
Ganito ang sabi ng Panginoon, na naguunat ng langit,
at naglalagay ng mga patibayan ng lupa, at naglalang ng
diwa sa loob ng tao: **2** Narito, aking gagawin ang Jerusalem
na isang tazang panglito sa lahat ng bayan sa palibot, at
sa Juda man ay magiging gayon sa pagkubkob laban sa
Jerusalem. **3** At mangyayari sa araw na yaon, na aking
gagawin ang Jerusalem na isang batong mabigat sa lahat ng
bayan; lahat ng magsipasan sa kaniya ay mangasusugatang
mainam; at ang lahat na bansa sa lupa ay magpipisan
laban sa kaniya. **4** Sa araw na yaon, sabi ng Panginoon,
aking tutuligin ang bawa't kabayo, at ang kaniyang sakay
ng pagkaulol; at aking ididilat ang aking mga mata sa
sangbahayan ni Juda, at aking bubulagin ang bawa't kabayo
ng mga bayan. **5** At ang mga pinakapuno sa Juda ay
mangagsasabi sa sarili, Ang mga nananahan sa Jerusalem
ay aking kalakasan sa Panginoon ng mga hukbo na kanilang
Dios. **6** Sa araw na yao'y gagawin kong parang kawali ng
apoy sa panggatong ang mga pinakapuno sa Juda at parang
sulo na apoy sa gitna ng mga bigkis; at kanilang sasakmalin
ang buong bayan sa palibot, sa kanan at sa kaliwa; at
ang Jerusalem ay tatahan pa uli sa kaniyang sariling dako,
sa makatuwid bagay sa Jerusalem. **7** Ililigtas naman na
una ng Panginoon ang mga tolda ng Juda, upang ang
kaluwalhatian ng sangbahayan ni David at ang kaluwalhatian
ng mga mananahan sa Jerusalem ay huwag magmalaki
sa Juda. **8** Sa araw na yaon ay ipagsasanggalang ng
Panginoon ang mga mananahan sa Jerusalem, at siyang
mahina sa kanila sa araw na yaon ay magiging gaya ni
David; at ang sangbahayan ni David ay magiging parang
Dios, parang anghel ng Panginoon sa harap nila. **9** At
mangyayari sa araw na yaon, na aking pagsisikapang gibain
ang lahat na bansa na naparoroon laban sa Jerusalem. **10**
At aking bubuhusan ang sangbahayan ni David, at ang mga
mananahan sa Jerusalem, ng espiritu ng biyaya at ng daing;
at sila'y magsisitingin sa akin na kanilang pinalagpasan: at
kanilang tatangisan siya, na gaya ng pagtangis sa bugtong
na anak, at magiging kapanglawan sa kaniya, na parang
kapanglawan sa kaniyang panganay. **11** Sa araw na yaon ay
magkakaroon ng malaking pagtangis sa Jerusalem, na gaya
ng pagtangis kay Adad-rimon sa libis ng Megiddo. **12** At ang
lupain ay tatangis, bawa't angkan ay bukod; ang angkan

ng sangbahayan ni David ay bukod, at ang kanilang mga
asawa ay bukod; ang angkan ng sangbahayan ni Nathan
ay bukod, at ang kanilang mga asawa ay bukod; 13 Ang
angkan ng sangbahayan ni Levi ay bukod, at ang kanilang
mga asawa ay bukod; ang angkan ni Simei ay bukod, at ang
kanilang mga asawa ay bukod; 14 Ang lahat na angkang
nalabi, bawa't angkan ay bukod, at ang kanilang mga asawa
ay bukod.

**13** Sa araw na yaon ay mabubuksan ang isang bukal
sa sangbahayan ni David at sa mga mananahan sa
Jerusalem, sa kasalanan, at sa karumihan. 2 At mangyayari
sa araw na yaon, sabi ng Panginoon ng mga hukbo, na aking
ihihiwalay sa lupain ang mga pangalan ng mga diosdiosan,
at sila'y hindi na mangaaalaala pa; at aking palalayasin
naman ang mga propeta at ang karumaldumal na espiritu
sa lupain. 3 At mangyayari, na pagka ang sinoman ay
manghuhula, sasabihin nga sa kaniya ng kaniyang ama
at ng kaniyang ina na nanganak sa kaniya, Ikaw ay hindi
mabubuhay; sapagka't ikaw ay nagsasalita ng kabulaanan sa
pangalan ng Panginoon; at palalagpasan siya ng kaniyang
ama at ng kaniyang ina na nanganak sa kaniya samantalang
siya'y nanghuhula. 4 At mangyayari sa araw na yaon
na ang mga propeta ay mangahihiya bawa't isa dahil sa
kaniyang pangitain, pagka siya'y nanghuhula; hindi man sila
mangagsusuot ng kasuutang balahibo, upang mangdaya:
5 Kundi kaniyang sasabihin, Ako'y hindi propeta, ako'y
mangbubukid sa lupa; sapagka't ako'y pinapaging alipin
mula sa aking pagkabinata. 6 At sasabihin ng isa sa kaniya,
Ano ang mga sugat na ito sa pagitan ng iyong mga bisig?
Kung magkagayo'y siya'y sasagot, Iyan ang mga naging
sugat ko sa bahay ng aking mga kaibigan. 7 Gumising ka,
Oh tabak, laban sa pastor ko, at laban sa lalake na aking
kasama, sabi ng Panginoon ng mga hukbo: saktan mo ang
pastor at ang mga tupa ay mangangalat; at aking ipipihit
ang aking kamay laban sa mga maliit. 8 At mangyayari, na
sa buong lupain, sabi ng Panginoon, dalawang bahagi ay
mahihiwalay at mamamatay; nguni't ang ikatlo ay maiiwan.
9 At aking dadalhin ang ikatlong bahagi sa apoy, at sila'y
dadalisayin ko na parang pilak na dalisay, at sila'y susubukin
ko na parang pagsubok sa ginto. Sila'y magsisitawag sa
aking pangalan, at akin silang didinggin: aking sasabihin,
Siya'y bayan ko; at kanilang sasabihin, Ang Panginoon ay
aking Dios.

**14** Narito ang araw ng Panginoon ay dumarating, na ang
iyong samsam ay babahagihin sa gitna mo. 2 Sapagka't
aking pipisanin ang lahat na bansa laban sa Jerusalem
sa pagbabaka; at ang bayan ay masasakop, at ang mga
bahay ay lolooban, at ang mga babae ay dadahasin; at
ang kalahati ng bayan ay yayaon sa pagkabihag, at ang
nalabi sa bayan ay hindi mahihiwalay sa bayan. 3 Kung
magkagayo'y lalabas ang Panginoon, at makikipaglaban
sa mga bansang yaon, gaya nang siya'y makipaglaban
sa araw ng pagbabaka. 4 At ang kaniyang mga paa ay
magsisitayo sa araw na yaon sa bundok ng mga Olivo, na
nasa tapat ng Jerusalem sa dakong silanganan; at ang
bundok ng mga Olivo ay mahahati sa gitna niya, sa dakong
silanganan at sa dakong kalunuran, at magiging totoong
malaking libis; at ang kalahati ng bundok ay malilipat sa
dakong hilagaan, at ang kalahati ay sa dakong timugan. 5 At
kayo'y magsisitakas sa libis ng aking mga bundok; sapagka't
ang libis ng mga bundok ay magsisiabot hanggang sa Azel;
oo, kayo'y magsisitakas gaya nang kayo'y tumakas mula
sa lindol nang mga kaarawan ni Uzzias na hari sa Juda;
at ang Panginoon kong Dios ay darating, at ang lahat na
banal na kasama niya. 6 At mangyayari sa araw na yaon, na
hindi magkakaroon ng liwanag; at ang mga nagniningning
ay uurong. 7 Nguni't magiging isang araw na kilala sa
Panginoon; hindi araw, at hindi gabi; nguni't mangyayari,
na sa gabi ay magliliwanag. 8 At mangyayari sa araw na
yaon, na ang buhay na tubig ay magsisibalong mula sa
Jerusalem; kalahati niyao'y sa dakong dagat silanganan, at
kalahati niyao'y sa dakong dagat kalunuran: sa taginit at sa
tagginaw mangyayari. 9 At ang Panginoo'y magiging Hari
sa buong lupa: sa araw na yao'y magiging ang Panginoon
ay isa, at ang kaniyang pangalan ay isa. 10 Ang buong
lupain ay magiging gaya ng Araba, mula sa Geba hanggang
sa Rimmon na timugan ng Jerusalem; at siya'y matataas,
at tatahan sa kaniyang dako, mula sa pintuang-bayan ng
Benjamin hangang sa dako ng unang pintuang-bayan,
hanggang sa sulok na pintuang-bayan, at mula sa moog ng
Hananel hanggang sa pisaan ng ubas ng hari. 11 At ang mga
tao'y magsisitahan doon, at hindi na magkakaroon pa ng
sumpa; kundi ang Jerusalem ay tatahang tiwasay. 12 At ito
ang salot na ipananalot ng Panginoon sa lahat na bayan na
nakipagdigma laban sa Jerusalem: ang kanilang laman ay
matutunaw samantalang sila'y nangakatayo ng kanilang mga
paa, at ang kanilang mga mata'y mangatutunaw sa kanilang
ukit, at ang kanilang dila ay matutunaw sa kanilang bibig. 13
At mangyayari sa araw na yaon, na magkakaroon ng isang
malaking kaingay sa gitna nila na mula sa Panginoon; at
hahawak ang bawa't isa sa kanila sa kamay ng kaniyang
kapuwa, at ang kamay niya'y mabubuhat laban sa kamay ng
kaniyang kapuwa. 14 At ang Juda naman ay makikipaglaban
sa Jerusalem; at ang kayamanan ng lahat na bansa sa
palibot ay mapipisan, ginto, at pilak, at kasuutan, na totoong
sagana. 15 At magiging gayon ang salot sa kabayo, sa
mula, sa kamelyo, at sa asno, at sa lahat ng hayop na

naroroon, sa mga kampamentong yaon, na gaya ng salot
na ito. 16 At mangyayari, na bawa't maiwan, sa lahat na
bansa na naparoon laban sa Jerusalem ay aahon taon-taon
upang sumamba sa Hari, sa Panginoon ng mga hukbo, at
upang ipangilin ang mga kapistahan ng mga balag. 17 At
mangyayari, na ang sinoman sa mga angkan sa lupa na
hindi umahon sa Jerusalem upang sumamba sa Hari, sa
Panginoon ng mga hukbo, sila'y mawawalan ng ulan. 18
At kung ang angkan ng Egipto ay hindi umahon at hindi
pumaroon, mawawalan din ng ulan sila, magkakaroon ng
salot, na ipinanalot ng Panginoon sa mga bansa na hindi
magsisiahon upang ipagdiwang ang kapistahan ng mga
balag. 19 Ito ang magiging kaparusahan sa Egipto, at
kaparusahan sa lahat na bansa na hindi magsisiahon upang
ipagdiwang ang kapistahan ng mga balag. 20 Sa araw na
yaon ay magkakaroon sa mga kampanilya ng mga kabayo,
KABANALAN SA PANGINOON; at ang mga palyok sa bahay
ng Panginoon ay magiging gaya ng mga taza sa harap ng
dambana. 21 Oo, bawa't palyok sa Jerusalem at sa Juda
ay aariing banal sa Panginoon ng mga hukbo; at silang
lahat na nangaghahain ay magsisiparoon at magsisikuha
niyaon, at magpapakulo roon: at sa araw na yaon ay hindi
na magkakaroon pa ng Cananeo sa bahay ng Panginoon ng
mga hukbo.

# Malakias

1 Ang hula na salita ng Panginoon sa Israel sa pamamagitan
ni Malakias. 2 Inibig ko kayo, sabi ng Panginoon.
Gayon ma'y inyong sinasabi, Sa ano mo kami inibig? Hindi
baga si Esau ay kapatid ni Jacob? sabi ng Panginoon:
gayon ma'y inibig ko si Jacob; 3 Nguni't si Esau ay aking
kinapootan, at ginawa ko ang kaniyang mga bundok na isang
kasiraan, at ibinigay ko ang kaniyang mana sa mga chakal
sa ilang. 4 Yamang sabi ng Edom, Tayo'y nangabagsak,
nguni't mangagbabalik tayo, at ating itatayo ang mga wasak
na dako; ganito ang sabi ng Panginoon ng mga hukbo,
Sila'y mangagtatayo, nguni't aking ibabagsak; at tatawagin
sila ng mga tao, Ang hangganan ng kasamaan, at Ang
bayang kinagalitan ng Panginoon magpakailan man. 5 At
makikita ng inyong mga mata, at inyong sasabihin, Dakilain
ang Panginoon sa dako roon ng hangganan ng Israel. 6
Iginagalang ng anak ang kaniyang ama, at ng alila ang
kaniyang panginoon: kung ako nga'y ama, saan nandoon
ang aking dangal? at kung ako'y panginoon, saan nandoon
ang takot sa akin? sabi ng Panginoon ng mga hukbo sa inyo,
Oh mga saserdote, na nagsisihamak ng aking pangalan. At
inyong sinasabi, Sa ano namin hinamak ang iyong pangalan?
7 Kayo'y nangaghahandog ng karumaldumal na hain sa aking
dambana. At inyong sinasabi, Sa ano namin nilapastangan
ka? Sa inyong sinasabi, ang dulang ng Panginoon ay
hamak. 8 At pagka kayo'y nangaghahandog ng bulag na
pinakahain, di kasamaan! at pagka kayo'y nangaghahandog
ng pilay at may sakit, di kasamaan! Iharap mo nga sa iyong
tagapamahala; kalulugdan ka baga niya? o tatanggapin baga
niya ang iyong pagkatao? sabi ng Panginoon ng mga hukbo.
9 At ngayo'y isinasamo ko sa inyo, inyong dalanginin ang
lingap ng Dios, upang pagbiyayaan niya tayo; ito'y nangyari
sa inyong mga paraan: tatanggapin baga niya ang pagkatao
ng sinoman sa inyo? sabi ng Panginoon ng mga hukbo.
10 Oh kung mayroon sana sa inyo na magsara ng mga
pinto, upang huwag ninyong mangapaningasan ang apoy
sa aking dambana ng walang kabuluhan! Hindi ko kayo
kinalulugdan, sabi ng Panginoon ng mga hukbo, ni tatanggap
man ako ng handog sa inyong kamay. 11 Sapagka't mula
sa sinisikatan ng araw hanggang sa nilulubugan niyaon,
magiging dakila ang aking pangalan sa mga Gentil; at sa
bawa't dako ay paghahandugan ng kamangyan ang aking
pangalan, at ng dalisay na handog: sapagka't ang aking
pangalan ay magiging dakila sa gitna ng mga Gentil, sabi ng
Panginoon ng mga hukbo. 12 Nguni't inyong nilapastangan
na inyong sinasabi, Ang dulang ng Panginoon ay nadumhan,
at ang laman niyaon, sa makatuwid baga'y ang hain doon ay
hamak. 13 Inyong sinasabi rin naman, Narito, nakayayamot!
at inyong nginusuan, sabi ng Panginoon ng mga hukbo; at
inyong iniharap ang nakuha sa dahas, at ang pilay, at ang
may sakit; ganito ninyo dinadala ang handog: tatanggapin ko
baga ito sa inyong kamay? sabi ng Panginoon. 14 Nguni't
sumpain ang magdaraya na mayroon sa kaniyang kawan
na isang lalake, at nananata, at naghahain sa Panginoon
ng marungis na bagay; sapagka't ako'y dakilang Hari, sabi
ng Panginoon ng mga hukbo, at ang aking pangalan ay
kakilakilabot sa gitna ng mga Gentil.

2 At ngayon, Oh kayong mga saserdote, ang utos na ito'y
sa inyo. 2 Kung hindi ninyo didinggin, at kung hindi
ninyo ilalagak sa inyong puso upang bigyang kaluwalhatian
ang aking pangalan, sabi ng Panginoon ng mga hukbo,
magpapasapit nga ako ng sumpa sa inyo, at aking susumpain
ang inyong kapalaran; oo, akin na silang sinumpa, sapagka't
hindi ninyo inilagak sa inyong puso. 3 Narito, aking sisirain
ang inyong binhi, at magsasabog ako ng dumi sa harap ng
inyong mga mukha, sa makatuwid baga'y ng dumi ng inyong
mga kapistahan; at kayo'y pawang ilalabas na kasama
niyaon. 4 At inyong malalaman na aking ipinasugo ang utos
na ito sa inyo, upang ang aking tipan kay Levi ay manatili,
sabi ng Panginoon ng mga hukbo. 5 Ang aking tipan ay
buhay at kapayapaan sa kaniya; at aking mga ibinigay sa
kaniya upang siya'y matakot; at siya'y natakot sa akin, at
siya'y nagpakababa sa aking pangalan. 6 Ang kautusan
tungkol sa katotohanan ay nasa kaniyang bibig, at ang
kalikuan ay hindi nasumpungan sa kaniyang mga labi: siya'y
lumakad na kasama ko sa kapayapaan at katuwiran, at
inilayo sa kasamaan ang marami. 7 Sapagka't ang mga
labi ng saserdote ay dapat mangagingat ng kaalaman, at
kanilang marapat hanapin ang kautusan sa kaniyang bibig;
sapagka't siya ang sugo ng Panginoon ng mga hukbo.
8 Nguni't kayo'y nagsilihis sa daan; inyong itinisod ang
marami sa kautusan; inyong sinira ang tipan ni Levi, sabi
ng Panginoon ng mga hukbo. 9 Kaya't kayo'y ginawa ko
namang hamak at pinakamababa sa harap ng buong bayan,
ayon sa hindi ninyo pagkaingat ng aking mga daan, kundi
tumangi kayo ng mga pagkatao sa kautusan. 10 Wala baga
tayong lahat na isang ama? hindi baga isang Dios ang
lumalang sa atin? bakit tayo nagsisigawa ng paglililo bawa't
isa laban sa kaniyang kapatid, na nilalapastangan ang
tipan ng ating mga magulang? 11 Ang Juda'y gumawa ng
paglililo, at ang kasuklamsuklam ay nagawa sa Israel at sa
Jerusalem; sapagka't nilapastangan ng Juda ang santuario
ng Panginoon, na kaniyang iniibig, at nagasawa sa anak na
babae ng ibang dios. 12 Ihihiwalay ng Panginoon ang taong
gumawa nito, ang gumigising at ang sumasagot, mula sa
mga tolda ng Jacob, at ang naghahandog ng handog sa
Panginoon ng mga hukbo. 13 At ito'y muli ninyong ginagawa:

inyong tinatakpan ang dambana ng Panginoon ng mga
luha, ng tangis, at ng buntong hininga, na anopa't hindi na
niya nililingap ang handog ni tinatanggap man sa inyong
kamay na may lugod. **14** Gayon ma'y inyong sinasabi, Bakit?
Sapagka't ang Panginoon ay naging saksi sa iyo at sa asawa
ng iyong kabataan, na ginawan mo ng paglililo, bagaman
siya'y iyong kasama, at siyang asawa ng iyong tipan. **15** At
di baga siya'y gumawa ng isa, bagaman siya'y may labis na
Espiritu? At bakit isa? Kaniyang hinanap ang lahing maka
Dios. Kaya't ingatan ninyo ang inyong kalooban, at huwag
nang manglilo laban sa asawa ng kaniyang kabataan. **16**
Sapagka't aking kinapopootan ang paghihiwalay, sabi ng
Panginoon, ng Dios ng Israel, at siya na nagtatakip ng
kaniyang damit na may karahasan, sabi ng Panginoon ng
mga hukbo: kaya't ingatan ninyo ang inyong kalooban na
huwag kayong magsalita na may paglililo. **17** Inyong niyamot
ang Panginoon ng inyong mga salita. Gayon ma'y inyong
sinasabi, Sa ano namin niyamot siya? Na inyong sinasabi,
Bawa't gumagawa ng kasamaan ay mabuti sa paningin ng
Panginoon, at kaniyang kinalulugdan sila; o saan nandoon
ang Dios ng kahatulan.

**3** Narito, aking sinusugo ang aking sugo, at siya'y
maghahanda, ng daan sa harap ko: at ang Panginoon na
inyong hinahanap, ay biglang paroroon sa kaniyang templo;
at ang sugo ng tipan na inyong kinaliligayahan, narito, siya'y
dumarating, sabi ng Panginoon ng mga hukbo. **2** Nguni't
sino ang makatatahan sa araw ng kaniyang pagparito?
at sino ang tatayo pagka siya'y pakikita? sapagka't siya'y
parang apoy ng mangdadalisay, at parang sabon ng mga
tagapagpaputi: **3** At siya'y mauupong gaya ng mangingintab
at mangdadalisay ng pilak, at kaniyang dadalisayin ang mga
anak ni Levi, at kaniyang pakikinising parang ginto at pilak;
at sila'y mangaghahandog sa Panginoon ng mga handog sa
katuwiran. **4** Kung magkagayo'y ang handog ng Juda at ng
Jerusalem ay magiging kalugodlugod sa Panginoon, gaya
ng mga araw nang una, at gaya ng mga taon nang una.
**5** At aking lalapitan kayo sa kahatulan; at ako'y magiging
maliksing saksi laban sa mga manghuhula, at laban sa
mga mangangalunya, at laban sa mga sinungaling na
manunumpa, at laban doon sa nagsisipighati sa mangaaraw
sa kaniyang mga kaupahan, sa babaing bao, at sa ulila,
at sa nagliligaw sa taga ibang lupa mula sa kaniyang
matuwid, at hindi natatakot sa akin, sabi ng Panginoon
ng mga hukbo. **6** Sapagka't ako, ang Panginoon, ay hindi
nababago, kaya't kayo, Oh mga anak na lalake ni Jacob
ay hindi nangauubos. **7** Mula nang mga kaarawan ng
inyong mga magulang kayo'y nangagpakaligaw sa aking
mga tuntunin, at hindi ninyo tinalima. Manumbalik kayo sa
akin, at ako'y manunumbalik sa inyo, sabi ng Panginoon
ng mga hukbo. Nguni't inyong sinasabi, Sa ano kami
manunumbalik? **8** Nanakawan baga ng tao ang Dios? gayon
ma'y ninanakaw ninyo ako. Nguni't inyong sinasabi, Sa ano
ka namin ninakawan? Sa mga ikasangpung bahagi at sa
mga handog. **9** Kayo'y nangagsumpa ng sumpa sapagka't
inyo akong ninakawan, sa makatuwid baga'y nitong buong
bansa. **10** Dalhin ninyo ang buong ikasangpung bahagi sa
kamalig, upang magkaroon ng pagkain sa aking bahay,
at subukin ninyo ako ngayon sa bagay na ito, sabi ng
Panginoon ng mga hukbo, kung hindi ko bubuksan sa inyo
ang mga dungawan sa langit, at ihuhulog ko sa inyo ang
isang pagpapala, na walang sapat na silid na kalalagyan. **11**
At aking sasawayin ang mananakmal dahil sa inyo, at hindi
niya sisirain ang mga bunga sa inyong lupa; ni malalagasan
man ng bunga sa di panahon ang inyong puno ng ubas sa
parang, sabi ng Panginoon ng mga hukbo, **12** At tatawagin
kayo ng lahat na bansa na mapalad: sapagka't kayo'y
magiging maligayang lupain, sabi ng Panginoon ng mga
hukbo. **13** Ang inyong mga salita ay naging lapastangan
laban sa akin, sabi ng Panginoon. Gayon ma'y inyong
sinasabi, Sa ano kami nangagsalita ng laban sa iyo? **14**
Inyong sinabi, Walang kabuluhan ang maglingkod sa Dios; at
anong kapakinabangan nito na ating iningatan ang kanyang
bilin, at tayo'y nagsilakad na may pananangis sa harap ng
Panginoon ng mga hukbo? **15** At ngayo'y ating tinatawag ang
palalo na mapalad, oo, silang nagsisigawa ng kasamaan ay
nangagtayo; oo, kanilang tinutukso ang Dios, at tumatakas.
**16** Nang magkagayo'y silang nangatatakot sa Panginoon ay
nagsangusapan: at pinakinggan ng Panginoon, at dininig,
at isang aklat ng alaala ay nasulat sa harap niya, para sa
kanila na nangatakot sa Panginoon, at gumunita ng kaniyang
pangalan. **17** At sila'y magiging akin, sabi ng Panginoon
ng mga hukbo, sa araw na aking gawin, sa makatuwid
baga'y isang tanging kayamanan; at akin silang kaaawaan,
na gaya ng isang tao na naaawa sa kaniyang anak na
naglilingkod sa kaniya. **18** Kung magkagayo'y manunumbalik
kayo at makikilala ninyo ang matuwid at ang masama, yaong
naglilingkod sa Dios at yaong hindi naglilingkod sa kaniya.

**4** Sapagka't, narito, ang araw ay dumarating, na nagniningas
na parang hurno; at ang lahat na palalo, at ang lahat
na nagsisigawa ng kasamaan ay magiging parang dayami,
at ang araw na dumarating ay susunog sa kanila, sabi ng
Panginoon ng mga hukbo, na anopa't hindi magiiwan sa
kanila ng kahit ugat ni sanga man. **2** Nguni't sa inyo na
nangatatakot sa aking pangalan ay sisikat ang araw ng
katuwiran na may kagalingan sa kaniyang mga pakpak; at
kayo'y magsisilabas, at magsisiluksong parang guya mula sa
silungan. **3** At inyong yayapakan ang masasama; sapagka't
sila'y magiging abo sa ilalim ng mga talampakan ng inyong

mga paa sa kaarawan na aking gawin, sabi ng Panginoon
ng mga hukbo. **4** Alalahanin ninyo ang kautusan ni Moises
na aking lingkod na aking iniutos sa kaniya sa Horeb para sa
buong Israel, sa makatuwid baga'y ang mga palatuntunan at
mga kahatulan. **5** Narito, aking susuguin sa inyo si Elias
na propeta bago dumating ang dakila at kakilakilabot na
kaarawan ng Panginoon. **6** At kaniyang papagbabaliking-
loob ang puso ng mga ama sa mga anak, at ang puso ng
mga anak sa kanilang mga magulang; baka ako'y dumating
at saktan ko ang lupa ng sumpa.

# LUMANG TIPAN




*At sinabi ni Jesus, Ama, patawarin mo sila; sapagka't hindi nila nalalaman ang kanilang ginagawa. At sa pagbabahabahagi nila ng kaniyang mga suot ay kanilang pinagsapalaranan.*

Lucas 23:34

# Mateo

1 Ang aklat ng lahi ni Jesucristo, na anak ni David, na
anak ni Abraham. 2 Naging anak ni Abraham si Isaac; at
naging anak ni Isaac si Jacob; at naging anak ni Jacob si
Juda at ang kaniyang mga kapatid; 3 At naging anak ni Juda
kay Tamar si Fares at si Zara; at naging anak ni Fares si
Esrom; at naging anak ni Esrom si Aram; 4 At naging anak ni
Aram si Aminadab; at naging anak ni Aminadab si Naason;
at naging anak ni Naason si Salmon; 5 At naging anak ni
Salmon kay Rahab si Booz; at naging anak ni Booz kay
Rut si Obed; at naging anak ni Obed si Jesse. 6 At naging
anak ni Jesse ang haring si David; at naging anak ni David
si Salomon, doon sa naging asawa ni Urias; 7 At naging
anak ni Salomon si Reboam; at naging anak ni Reboam si
Abias; at naging anak ni Abias si Asa; 8 At naging anak
ni Asa si Josafat; at naging anak ni Josafat si Joram; at
naging anak ni Joram si Ozias; 9 At naging anak ni Ozias
si Joatam; at naging anak ni Joatam si Acaz; at naging
anak ni Acaz si Ezequias; 10 At naging anak ni Ezequias si
Manases; at naging anak ni Manases si Amon; at naging
anak ni Amon si Josias; 11 At naging anak ni Josias si
Jeconias at ang kaniyang mga kapatid, nang panahon ng
pagkadalang-bihag sa Babilonia. 12 At pagkatapos nang
pagkadalangbihag sa Babilonia, ay naging anak ni Jeconias
si Salatiel; at naging anak ni Salatiel si Zorobabel; 13 At
naging anak ni Zorobabel si Abiud; at naging anak ni Abiud
si Eliaquim; at naging anak ni Eliaquim si Azor; 14 At naging
anak ni Azor si Sadoc; at naging anak ni Sadoc si Aquim; at
naging anak ni Aquim si Eliud; 15 At naging anak ni Eliud
si Eleazar; at naging anak ni Eleazar si Matan; at naging
anak ni Matan si Jacob; 16 At naging anak ni Jacob si Jose
asawa ni Maria, na siyang nanganak kay Jesus, na siyang
tinatawag na Cristo. 17 Sa makatuwid ang lahat ng mga
salit-saling lahi buhat kay Abraham hanggang kay David ay
labingapat na salit-saling lahi; at buhat kay David hanggang
sa pagdalang-bihag sa Babilonia ay labingapat na sali't-
saling lahi; at buhat sa pagkadalang-bihag sa Babilonia
hanggang kay Cristo ay labingapat na sali't-saling lahi. 18
Ang pagkapanganak nga kay Jesucristo ay ganito: Nang
si Maria na kaniyang ina ay magaasawa kay Jose, bago
sila magsama ay nasumpungang siya'y nagdadalang-tao sa
pamamagitan ng Espiritu Santo. 19 At si Jose na kaniyang
asawa, palibhasa'y lalaking matuwid, at ayaw na ihayag sa
madla ang kaniyang kapurihan, ay nagpasiyang hiwalayan
siya ng lihim. 20 Datapuwa't samantalang pinagiisip niya ito,
narito, ang isang anghel ng Panginoon ay napakita sa kaniya
sa panaginip, na nagsasabi: Jose, anak ni David, huwag
kang mangamba sa pagtanggap kay Maria na iyong asawa:
sapagka't ang kaniyang dinadalang-tao ay sa Espiritu Santo.
21 At siya'y manganganak ng isang lalake; at ang pangalang
itatawag mo sa kaniya'y JESUS; sapagka't ililigtas niya
ang kaniyang bayan sa kanilang mga kasalanan. 22 At
nangyari nga ang lahat ng ito, upang maganap ang sinalita
ng Panginoon sa pamamagitan ng propeta, na nagsasabi,
23 Narito, ang dalaga'y magdadalang-tao at manganganak
ng isang lalake, At ang pangalang itatawag nila sa kaniya
ay Emmanuel; na kung liliwanagin, ay sumasa atin ang
Dios. 24 At nagbangon si Jose sa kaniyang pagkakatulog, at
ginawa niya ang ayon sa ipinagutos sa kaniya ng anghel ng
Panginoon, at tinanggap ang kaniyang asawa; 25 At hindi
nakilala siya hanggang sa maipanganak ang isang lalake: at
tinawag niya ang kaniyang pangalang JESUS.

2 Nang ipanganak nga si Jesus sa Bet-lehem ng Judea
sa mga kaarawan ng haring si Herodes, narito, ang
mga Pantas na lalake ay nagsidating sa Jerusalem mula
sa silanganan, na nagsisipagsabi, 2 Saan naroon ang
ipinanganak na hari ng mga Judio? sapagka't aming nakita
ang kaniyang bituin sa silanganan, at naparito kami upang
siya'y sambahin. 3 Nang marinig ito ng haring si Herodes,
ay nagulumihanan siya, at pati ng buong Jerusalem. 4 At
pagkatipon sa lahat ng mga pangulong saserdote at mga
eskriba ng bayan, ay siniyasat niya sa kanila kung saan kaya
ipanganganak ang Cristo. 5 At sinabi nila sa kaniya, sa Bet-
lehem ng Judea: sapagka't ganito ang pagkasulat ng propeta,
6 At ikaw Bet-lehem, na lupa ng Juda, Sa anomang paraan
ay hindi ikaw ang pinakamaliit sa mga pangulong bayan ng
Juda: Sapagka't mula sa iyo'y lalabas ang isang gobernador,
Na siyang magiging pastor ng aking bayang Israel. 7 Nang
magkagayo'y tinawag ni Herodes ng lihim ang mga Pantas
na lalake, at kaniyang siniyasat ng buong ingat sa kanila
ang panahong isinilang ng bituin. 8 At pinayaon niya sila sa
Bet-lehem, at sinabi, Kayo'y magsiparoon at ipagtanong
ng buong ingat ang tungkol sa sanggol; at pagkasumpong
ninyo sa kaniya, ay ipagbigay-alam ninyo sa akin, upang
ako nama'y makaparoon at siya'y aking sambahin. 9 At
sila, pagkarinig sa hari ay nagsiyaon ng kanilang lakad;
at narito, ang bituing kanilang nakita sa silanganan, ay
nanguna sa kanila hanggang sa sumapit at tumigil sa tapat
ng kinaroroonan ng sanggol. 10 At nang makita nila ang
bituin, ay nangagalak sila ng di kawasang galak. 11 At
nagsipasok sila sa bahay, at nangakita nila ang sanggol
na kasama ng kaniyang inang si Maria; at nangagpatirapa
sila at nangagsisamba sa kaniya; at pagkabukas nila ng
kanilang mga kayamanan ay inihandog nila sa kaniya ang
mga alay, na ginto at kamangyan at mira. 12 At palibhasa'y
pinagsabihan sila ng Dios sa panaginip na huwag silang
mangagbalik kay Herodes, ay nangagsiuwi sila sa kanilang

sariling lupain sa ibang daan. 13 Nang mangakaalis nga sila,
narito, ang isang anghel ng Panginoon ay napakita kay Jose
sa panaginip, na nagsasabi, Magbangon ka at dalhin mo
ang sanggol at ang kaniyang ina, at tumakas ka hanggang
sa Egipto, at dumoon ka hanggang sa sabihin ko sa iyo:
sapagka't hahanapin ni Herodes ang sanggol upang siya'y
puksain. 14 At siya'y nagbangon at dinala ang sanggol at
ang ina nito sa kinagabihan, at napasa Egipto; 15 At dumoon
hanggang sa pagkamatay ni Herodes: upang maganap
ang sinabi ng Panginoon sa pamamagitan ng propeta, na
nagsasabi, Mula sa Egipto ay tinawag ko ang aking anak. 16
Nang magkagayon, nang mapansin ni Herodes na siya'y
pinaglaruan ng mga Pantas na lalake, ay nagalit na mainam,
at nagutos, at ipinapatay ang lahat ng mga sanggol na lalake
na nangasa Bet-lehem, at sa buong palibotlibot noon, mula
sa gulang na dalawang taon hanggang sa pababa, alinsunod
sa panahon ng kaniyang maingat na pagkasiyasat sa mga
Pantas na lalake. 17 Nang magkagayo'y naganap ang sinalita
sa pamamagitan ng propeta Jeremias, na nagsasabi, 18
Isang tinig ay narinig sa Rama, Pananangis at kalagimlagim
na iyak, Tinatangisan ni Raquel ang kaniyang mga anak;
At ayaw na siyang maaliw, sapagka't sila'y wala na. 19
Nguni't pagkamatay ni Herodes, narito, ang isang anghel ng
Panginoon ay napakita sa panaginip kay Jose sa Egipto,
na nagsasabi, 20 Magbangon ka at dalhin mo ang sanggol
at ang kaniyang ina, at pumatungo ka sa lupain ng Israel:
sapagka't nangamatay na ang nangagmimithi sa buhay ng
sanggol. 21 At nagbangon siya at dinala ang sanggol at ang
kaniyang ina, at pumatungo sa lupa ng Israel. 22 Datapuwa't
nang mabalitaan niya na si Arquelao ang naghahari sa
Judea na kahalili ng kaniyang amang si Herodes, ay natakot
siyang pumatungo roon; at palibhasa'y pinagsabihan ng
Dios sa panaginip, ay napatungo siya sa mga sakop ng
Galilea, 23 At siya'y dumating at tumahan sa isang bayang
tinatawag na Nazaret; upang maganap ang mga sinalita ng
mga propeta, na siya'y tatawaging Nazareno.

**3** At nang mga araw na yaon ay dumating si Juan Bautista,
na nangangaral sa ilang ng Judea, na nagsasabi, 2
Mangagsisi kayo; sapagka't malapit na ang kaharian ng
langit. 3 Sapagka't ito yaong sinalita sa pamamagitan ng
propeta Isaias, na nagsasabi, Ang tinig ng isang sumisigaw
sa ilang, Ihanda ninyo ang daan ng Panginoon, Tuwirin ninyo
ang kaniyang mga landas. 4 Si Juan nga ay nananamit ng
balahibo ng kamelyo, at may isang pamigkis na katad sa
palibot ng kaniyang baywang; at ang kaniyang pagkain ay
mga balang at pulot-pukyutan. 5 Nang magkagayo'y nilabas
siya ng Jerusalem, at ng buong Judea, at ng buong lupain sa
palibotlibot ng Jordan; 6 At sila'y kaniyang binabautismuhan
sa ilog ng Jordan, na ipinahahayag nila ang kanilang mga
kasalanan. 7 Datapuwa't nang makita niyang marami sa
mga Fariseo at Saduceo na nagsisiparoon sa kaniyang
pagbabautismo, ay sinabi niya sa kanila, Kayong lahi ng mga
ulupong, sino ang sa inyo'y nagpaunawa upang magsitakas
sa galit na darating? 8 Kayo nga'y mangagbunga ng
karapatdapat sa pagsisisi: 9 At huwag kayong mangagisip
na mangagsabi sa inyong sarili, Si Abraham ang aming
ama; sapagka't sinasabi ko sa inyo, na mangyayaring
makapagpalitaw ang Dios ng mga anak ni Abraham sa mga
batong ito. 10 At ngayon pa'y nakalagay na ang palakol sa
ugat ng mga punong kahoy: ang bawa't punong kahoy nga
na hindi nagbubungang mabuti ay pinuputol at inihahagis sa
apoy. 11 Sa katotohanan ay binabautismuhan ko kayo sa
tubig sa pagsisisi: datapuwa't ang dumarating sa hulihan
ko ay lalong makapangyarihan kay sa akin, na hindi ako
karapatdapat magdala ng kaniyang pangyapak: siya ang sa
inyo'y magbabautismo sa Espiritu Santo at apoy: 12 Nasa
kaniyang kamay ang kaniyang kalaykay, at lilinisin niyang
lubos ang kaniyang giikan; at titipunin niya ang kaniyang
trigo sa bangan, datapuwa't ang dayami ay susunugin sa
apoy na hindi mapapatay. 13 Nang magkagayo'y naparoon si
Jesus mula sa Galilea at lumapit kay Juan sa ilog ng Jordan,
upang siya'y bautismuhan niya. 14 Datapuwa't ibig siyang
sansalain ni Juan, na nagsasabi, Kinakailangan ko na ako'y
iyong bautismuhan, at ikaw ang naparirito sa akin? 15 Nguni't
pagsagot ni Jesus ay sinabi sa kaniya, Payagan mo ngayon:
sapagka't ganyan ang nararapat sa atin, ang pagganap ng
buong katuwiran. Nang magkagayo'y pinayagan niya siya.
16 At nang mabautismuhan si Jesus, pagdaka'y umahon sa
tubig: at narito, nangabuksan sa kaniya ang mga langit, at
nakita niya ang Espiritu ng Dios na bumababang tulad sa
isang kalapati, at lumalapag sa kaniya; 17 At narito, ang
isang tinig na mula sa mga langit, na nagsasabi, Ito ang
sinisinta kong Anak, na siya kong lubos na kinalulugdan.

**4** Nang magkagayo'y inihatid ng Espiritu Santo si Jesus
sa ilang upang siya'y tuksuhin ng diablo. 2 At nang siya'y
makapagayunong apat na pung araw at apat na pung gabi,
sa wakas ay nagutom siya. 3 At ang manunukso ay dumating
at nagsabi sa kaniya, Kung ikaw ang Anak ng Dios, ay
ipagutos mo na ang mga batong ito ay maging mga tinapay.
4 Datapuwa't siya'y sumagot, at sinabi, Nasusulat, Hindi sa
tinapay lamang mabubuhay ang tao, kundi sa bawa't salitang
lumalabas sa bibig ng Dios. 5 Nang magkagayo'y dinala siya
ng diablo sa bayang banal; at inilagay siya sa taluktok ng
templo, 6 At sa kaniya'y sinabi, Kung ikaw ang Anak ng Dios,
ay magpatihulog ka: sapagka't nasusulat, Siya'y magbibilin
sa kaniyang mga anghel tungkol sa iyo: at, Aalalayan ka
ng kanilang mga kamay, Baka matisod ka ng iyong paa
sa isang bato. 7 Sinabi sa kaniya ni Jesus, Nasusulat

din naman, Huwag mong tutuksuhin ang Panginoon mong
Dios. 8 Muling dinala siya ng diablo sa isang bundok na
lubhang mataas, at ipinamalas sa kaniya ang lahat ng
mga kaharian sa sanglibutan, at ang kaluwalhatian nila;
9 At sinabi niya sa kaniya, Lahat ng mga bagay na ito
ay ibibigay ko sa iyo, kung ikaw ay magpapatirapa at
sasambahin mo ako. 10 Nang magkagayo'y sinabi sa kaniya
ni Jesus, Humayo ka, Satanas: sapagka't nasusulat, Sa
Panginoon mong Dios sasamba ka, at siya lamang ang
iyong paglilingkuran. 11 Nang magkagayo'y iniwan siya
ng diablo; at narito, nagsidating ang mga anghel at siya'y
pinaglingkuran. 12 Nang marinig nga niya na si Juan ay
dinakip, ay umuwi siya sa Galilea; 13 At pagkaiwan sa
Nazaret, ay naparoon siya at tumahan sa Capernaum, na
nasa tabi ng dagat, sa mga hangganan ng Zabulon at Neftali:
14 Upang maganap ang sinalita sa pamamagitan ng propeta
Isaias na nagsasabi, 15 Ang lupa ni Zabulon at ang lupa ni
Neftali, Sa gawing dagat, sa dako pa roon ng Jordan, Galilea
ng mga Gentil, 16 Ang bayang nalulugmok sa kadiliman,
ay Nakakita ng dakilang ilaw, At sa nangalulugmok sa
pook at lilim ng kamatayan, ay Lumiwanag sa kanila ang
ilaw. 17 Mula noon ay nagpasimulang mangaral si Jesus,
at magsabi, Mangagsisi kayo; sapagka't malapit na ang
kaharian ng langit. 18 At sa paglalakad niya sa tabi ng dagat
ng Galilea; ay nakita niya ang dalawang magkapatid, si
Simon na tinatawag na Pedro, at si Andres na kaniyang
kapatid, na inihuhulog ang isang lambat sa dagat; sapagka't
sila'y mga mamamalakaya. 19 At sinabi niya sa kanila,
Magsisunod kayo sa hulihan ko, at gagawin ko kayong mga
mamamalakaya ng mga tao. 20 At pagdaka'y iniwan nila
ang mga lambat, at nagsisunod sa kaniya. 21 At paglakad
sa dako roon ay nakita niya ang dalawa pang magkapatid,
si Santiago na anak ni Zebedeo, at ang kaniyang kapatid
na si Juan, sa daong na kasama si Zebedeo na kanilang
ama, na nagsisipaghayuma ng kanilang mga lambat; at
sila'y kaniyang tinawag. 22 At pagdaka'y iniwan nila ang
daong at ang kanilang ama, at nagsisunod sa kaniya. 23 At
nilibot ni Jesus ang buong Galilea, na nagtuturo sa mga
sinagoga nila, at ipinangangaral ang evangelio ng kaharian,
at nagpapagaling ng lahat ng sarisaring sakit at ng lahat
ng karamdaman na nasa mga tao. 24 At lumaganap ang
pagkabantog niya sa buong Siria: at kanilang dinadala
sa kaniya ang lahat ng mga may karamdaman, at ang
mga pinipighati ng sarisaring sakit at pahirap, at ang mga
inaalihan ng mga demonio, at ang mga himatayin, at ang
mga lumpo: at sila'y pinagagaling niya. 25 At sinundan siya
ng lubhang karamihang tao mula sa Galilea at Decapolis at
Jerusalem at Judea at mula sa dakong ibayo ng Jordan.

5 At pagkakita sa mga karamihan, ay umahon siya sa
bundok: at pagkaupo niya, ay nagsilapit sa kaniya ang
kaniyang mga alagad: 2 At binuka niya ang kaniyang
bibig at tinuruan sila, na sinasabi, 3 Mapapalad ang mga
mapagpakumbabang-loob: sapagka't kanila ang kaharian
ng langit. 4 Mapapalad ang nangahahapis: sapagka't sila'y
aaliwin. 5 Mapapalad ang maaamo: sapagka't mamanahin nila
ang lupa. 6 Mapapalad ang nangagugutom at nangauuhaw
sa katuwiran: sapagka't sila'y bubusugin. 7 Mapapalad ang
mga mahabagin: sapagka't sila'y kahahabagan. 8 Mapapalad
ang mga may malinis na puso: sapagka't makikita nila ang
Dios. 9 Mapapalad ang mga mapagpayapa: sapagka't sila'y
tatawaging mga anak ng Dios. 10 Mapapalad ang mga
pinaguusig dahil sa katuwiran: sapagka't kanila ang kaharian
ng langit. 11 Mapapalad kayo pagka kayo'y inaalimura, at
kayo'y pinaguusig, at kayo'y pinagwiwikaan ng sarisaring
masama na pawang kasinungalingan, dahil sa akin. 12
Mangagalak kayo, at mangagsayang totoo: sapagka't malaki
ang ganti sa inyo sa langit: sapagka't gayon din ang kanilang
pagkausig sa mga propeta na nangauna sa inyo. 13 Kayo
ang asin ng lupa: nguni't kung ang asin ay tumabang, ay
ano ang ipagpapaalat? wala nang ano pa mang kabuluhan,
kundi upang itapon sa labas at yurakan ng mga tao. 14
Kayo ang ilaw ng sanglibutan. Ang isang bayan na natatayo
sa ibabaw ng isang bundok ay hindi maitatago. 15 Hindi
rin nga pinaniningasan ang isang ilawan, at inilalagay sa
ilalim ng isang takalan, kundi sa talagang lalagyan ng ilaw;
at lumiliwanag sa lahat ng nangasa bahay. 16 Lumiwanag
na gayon ang inyong ilaw sa harap ng mga tao; upang
mangakita nila ang inyong mabubuting gawa, at kanilang
luwalhatiin ang inyong Ama na nasa langit. 17 Huwag
ninyong isiping ako'y naparito upang sirain ang kautusan o
ang mga propeta: ako'y naparito hindi upang sirain, kundi
upang ganapin. 18 Sapagka't katotohanang sinasabi ko sa
inyo, Hanggang sa mangawala ang langit at ang lupa, ang
isang tuldok o isang kudlit, sa anomang paraan ay hindi
mawawala sa kautusan, hanggang sa maganap ang lahat
ng mga bagay. 19 Kaya't ang sinomang sumuway sa isa sa
kaliitliitang mga utos na ito, at ituro ang gayon sa mga tao,
ay tatawaging kaliitliitan sa kaharian ng langit: datapuwa't
ang sinomang gumanap at ituro, ito'y tatawaging dakila sa
kaharian ng langit. 20 Sapagka't sinasabi ko sa inyo, na
kung hindi hihigit ang inyong katuwiran sa katuwiran ng mga
eskriba at mga Fariseo, sa anomang paraan ay hindi kayo
magsisipasok sa kaharian ng langit. 21 Narinig ninyo na
sinabi sa mga tao sa una, Huwag kang papatay; at ang
sinomang pumatay ay mapapasa panganib sa kahatulan:
22 Datapuwa't sinasabi ko sa inyo, na ang bawa't mapoot
sa kaniyang kapatid ay mapapasa panganib sa kahatulan;

at ang sinomang magsabi sa kaniyang kapatid, Raca, ay
mapapasa panganib sa Sanedrin; at ang sinomang magsabi,
Ulol ka, ay mapapasa panganib sa impierno ng apoy. **(Geenna
g1067)** **23** Kaya't kung inihahandog mo ang iyong hain sa
dambana, at doo'y maalaala mo na ang iyong kapatid ay
mayroong anomang laban sa iyo, **24** Iwan mo roon sa
harap ng dambana ang hain mo, at yumaon ka ng iyong
lakad, makipagkasundo ka muna sa iyong kapatid, at kung
magkagayon ay magbalik ka at ihandog mo ang iyong hain.
**25** Makipagkasundo ka agad sa iyong kaalit, samantalang
ikaw ay kasama niya sa daan; baka ibigay ka ng kaalit
mo sa hukom, at ibigay ka ng hukom sa punong kawal, at
ipasok ka sa bilangguan. **26** Katotohanang sinasabi ko sa
iyo, Hindi ka aalis doon sa anomang paraan, hanggang hindi
mo mapagbayaran ang katapustapusang beles. **27** Narinig
ninyong sinabi, Huwag kang mangangalunya: **28** Datapuwa't
sinasabi ko sa inyo, na ang bawa't tumingin sa isang babae
na taglay ang masamang hangad ay nagkakasala, na ng
pangangalunya sa kaniyang puso. **29** At kung ang kanan
mong mata ay nakapagpapatisod sa iyo, ay dukitin mo,
at iyong itapon: sapagka't may mapapakinabang ka pa na
mawala ang isa sa mga sangkap ng iyong katawan, at
huwag ang buong katawan mo ay mabulid sa impierno.
**(Geenna g1067)** **30** At kung ang kanan mong kamay ay
nakapagpapatisod sa iyo, ay putulin mo, at iyong itapon:
sapagka't may mapapakinabang ka pa na mawala ang
isa sa mga sangkap ng iyong katawan, at huwag ang
buong katawan mo ay mapasa impierno. **(Geenna g1067)** **31**
Sinabi rin naman, Ang sinomang lalake na ihiwalay na
ang kaniyang asawa, ay bigyan niya siya ng kasulatan
ng paghihiwalay: **32** Datapuwa't sinasabi ko sa inyo, na
ang sinomang lalake na ihiwalay ang kaniyang asawa,
liban na lamang kung sa pakikiapid ang dahil, ay siya ang
sa kaniya'y nagbibigay kadahilanan ng pangangalunya:
at ang sinomang magasawa sa kaniya kung naihiwalay
na siya ay nagkakasala ng pangangalunya. **33** Bukod sa
rito'y inyong narinig na sinabi sa mga tao sa una, Huwag
kang manunumpa ng di katotohanan, kundi tutupdin mo sa
Panginoon ang iyong mga sumpa: **34** Datapuwa't sinasabi ko
sa inyo, Huwag ninyong ipanumpa ang anoman; kahit ang
langit, sapagka't siyang luklukan ng Dios; **35** Kahit ang lupa,
sapagka't siyang tungtungan ng kaniyang mga paa; kahit
ang Jerusalem, sapagka't siyang bayan ng dakilang Hari. **36**
Kahit man ang ulo mo ay huwag mong ipanumpa, sapagka't
hindi ka makagagawa ng isang buhok na maputi o maitim. **37**
Datapuwa't ang magiging pananalita ninyo'y, Oo, oo; Hindi,
hindi; sapagka't ang humigit pa rito ay buhat sa masama. **38**
Narinig ninyong sinabi, Mata sa mata, at ngipin sa ngipin: **39**
Datapuwa't sinasabi ko sa inyo, Huwag kayong makilaban
sa masamang tao: kundi sa sinomang sa iyo'y sumampal
sa kanan mong pisngi, iharap mo naman sa kaniya ang
kabila. **40** At sa magibig na ikaw ay ipagsakdal, at kunin sa
iyo ang iyong tunika, ay iwan mo rin naman sa kaniya ang
iyong balabal. **41** At sa sinomang pipilit sa iyo na ikaw ay
lumakad ng isang milya, ay lumakad ka ng dalawang milya
na kasama niya. **42** Bigyan mo ang sa iyo'y humihingi, at
huwag mong talikdan ang sa iyo'y nangungutang. **43** Narinig
ninyong sinabi, Iibigin mo ang iyong kapuwa, at kapopootan
mo ang iyong kaaway: **44** Datapuwa't sinasabi ko sa inyo,
Ibigin ninyo ang inyong mga kaaway, at idalangin ninyo
ang sa inyo'y nagsisiusig; **45** Upang kayo'y maging mga
anak ng inyong Ama na nasa langit: sapagka't pinasisikat
niya ang kaniyang araw sa masasama at sa mabubuti, at
nagpapaulan sa mga ganap at sa mga hindi ganap. **46**
Sapagka't kung kayo'y iibig sa nangagsisiibig lamang sa
inyo, ano ang ganti na inyong kakamtin? hindi baga gayon
din ang ginagawa ng mga maniningil ng buwis? **47** At kung
ang mga kapatid lamang ninyo ang inyong babatiin, ano ang
kalabisan ng inyong ginagawa? hindi baga gayon din ang
ginagawa ng mga Gentil? **48** Kayo nga'y mangagpakasakdal,
na gaya ng inyong Ama sa kalangitan na sakdal.

**6** Mangagingat kayo na huwag magsigawa ng katuwiran
sa harap ng mga tao, upang kanilang makita: sa ibang
paraan ay wala kayong ganti ng inyong Ama na nasa
langit. **2** Kaya nga pagka ikaw ay naglilimos, ay huwag kang
tutugtog ng pakakak sa harap mo, na gaya ng ginagawa
ng mga mapagpaimbabaw sa mga sinagoga at sa mga
daan, upang sila'y mangagkapuri sa mga tao. Katotohanang
sinasabi ko sa inyo, Tinanggap na nila ang sa kanila'y
ganti. **3** Datapuwa't pagka ikaw ay naglilimos, ay huwag
maalaman ng iyong kaliwang kamay ang ginagawa ng iyong
kanang kamay: **4** Upang ang iyong paglilimos ay malihim:
at ang iyong Ama na nakakikita sa lihim ay gagantihin
ka. **5** At pagka kayo ay nagsisidalangin, ay huwag kayong
gaya ng mga mapagpaimbabaw: sapagka't iniibig nila ang
magsidalangin ng patayo sa mga sinagoga at sa mga likuang
daan, upang sila'y mangakita ng mga tao. Katotohanang
sinasabi ko sa inyo, Tinanggap na nila ang sa kanila'y
ganti. **6** Datapuwa't ikaw, pagka ikaw ay mananalangin,
pumasok ka sa iyong silid, at kung mailapat mo na ang iyong
pinto, ay manalangin ka sa iyong Ama na nasa lihim, at
ang iyong Ama na nakakikita sa lihim ay gagantihin ka. **7**
At sa pananalangin ninyo ay huwag ninyong gamitin ang
walang kabuluhang paulitulit, na gaya ng ginagawa ng mga
Gentil: sapagka't iniisip nilang dahil sa kanilang maraming
kasasalita ay didinggin sila. **8** Huwag nga kayong magsigaya
sa kanila: sapagka't talastas ng inyong Ama ang mga bagay
na inyong kinakailangan, bago ninyo hingin sa kaniya. **9**

Magsidalangin nga kayo ng ganito: Ama namin na nasa
langit ka, Sambahin nawa ang pangalan mo. 10 Dumating
nawa ang kaharian mo. Gawin nawa ang iyong kalooban,
kung paano sa langit, gayon din naman sa lupa. 11 Ibigay
mo sa amin ngayon ang aming kakanin sa araw-araw. 12 At
ipatawad mo sa amin ang aming mga utang, gaya naman
namin na nagpatawad sa mga may utang sa amin. 13 At
huwag mo kaming ihatid sa tukso, kundi iligtas mo kami sa
masama. Sapagka't iyo ang kaharian, at ang kapangyarihan,
at ang kaluwalhatian, magpakailan man. Siya nawa. 14
Sapagka't kung ipatawad ninyo sa mga tao ang kanilang mga
kasalanan, ay patatawarin naman kayo ng inyong Ama sa
kalangitan. 15 Datapuwa't kung hindi ninyo ipatawad sa mga
tao ang kanilang mga kasalanan, ay hindi rin naman kayo
patatawarin ng inyong Ama ng inyong mga kasalanan. 16
Bukod dito, pagka kayo'y nangagaayuno, ay huwag kayong
gaya ng mga mapagpaimbabaw, na may mapapanglaw na
mukha: sapagka't kanilang pinasasama ang mga mukha
nila, upang makita ng mga tao na sila'y nangagaayuno.
Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Tinanggap na nila ang
sa kanila'y ganti. 17 Datapuwa't ikaw, sa pagaayuno mo,
ay langisan mo ang iyong ulo, at hilamusan mo ang iyong
mukha; 18 Upang huwag kang makita ng mga tao na
ikaw ay nagaayuno, kundi ng Ama mo na nasa lihim: at
ang Ama mo, na nakakikita sa lihim, ay gagantihin ka. 19
Huwag kayong mangagtipon ng mga kayamanan sa lupa,
na dito'y sumisira ang tanga at ang kalawang, at dito'y
nanghuhukay at nagsisipagnakaw ang mga magnanakaw:
20 Kundi mangagtipon kayo ng mga kayamanan sa langit, na
doo'y hindi sumisira kahit ang tanga kahit ang kalawang, at
doo'y hindi nanghuhukay at hindi nagsisipagnakaw ang mga
magnanakaw: 21 Sapagka't kung saan naroon ang iyong
kayamanan, doon naman doroon ang iyong puso. 22 Ang
ilawan ng katawan ay ang mata: kung tapat nga ang iyong
mata, ang buong katawan mo'y mapupuspos ng liwanag.
23 Datapuwa't kung masama ang iyong mata, ang buong
katawan mo'y mapupuspos ng kadiliman. Kaya't kung ang
ilaw na sumasa iyo ay kadiliman, gaano kaya kalaki ang
kadiliman! 24 Sinoma'y hindi makapaglilingkod sa dalawang
panginoon: sapagka't kapopootan niya ang isa, at iibigin ang
ikalawa: o kaya'y magtatapat siya sa isa, at pawawalang
halaga ang ikalawa. Hindi kayo makapaglilingkod sa Dios
at sa mga kayamanan. 25 Kaya nga sinasabi ko sa inyo,
Huwag kayong mangabalisa sa inyong pamumuhay, kung
ano baga ang inyong kakanin, o kung ano ang inyong
iinumin; kahit ang sa inyong katawan, kung ano ang inyong
daramtin. Hindi baga mahigit ang buhay kay sa pagkain, at
ang katawan kay sa pananamit? 26 Masdan ninyo ang mga
ibon sa langit, na hindi sila nangaghahasik, ni nagsisigapas,
ni nangagtitipon man sa mga bangan; at sila'y pinakakain
ng inyong Ama sa kalangitan. Hindi baga lalong higit ang
halaga ninyo kay sa kanila? 27 At alin sa inyo ang sa
pagkabalisa ay makapagdaragdag ng isang siko sa sukat ng
kaniyang buhay? 28 At tungkol sa pananamit, bakit kayo
nangababalisa? Wariin ninyo ang mga lirio sa parang, kung
paanong nagsisilaki; hindi nangagpapagal, ni nangagsusulid
man: 29 Gayon ma'y sinasabi ko sa inyo, na kahit si Salomon
man sa buong kaluwalhatian niya ay hindi nakapaggayak
na gaya ng isa sa mga ito. 30 Nguni't kung pinararamtan
ng Dios ng ganito ang damo sa parang, na ngayon ay
buhay, at sa kinabukasa'y iginagatong sa kalan, hindi baga
lalonglalo na kayong pararamtan niya, Oh kayong mga
kakaunti ang pananampalataya? 31 Kaya huwag kayong
mangabalisa, na mangagsabi, Ano ang aming kakanin?
o, Ano ang aming iinumin? o, Ano ang aming daramtin?
32 Sapagka't ang lahat ng mga bagay na ito ay siyang
pinaghahanap ng mga Gentil; yamang talastas ng inyong
Ama sa kalangitan na kinakailangan ninyo ang lahat ng
mga bagay na ito. 33 Datapuwa't hanapin muna ninyo ang
kaniyang kaharian, at ang kaniyang katuwiran; at ang lahat
ng mga bagay na ito ay pawang idaragdag sa inyo. 34 Kaya't
huwag ninyong ikabalisa ang sa araw ng bukas: sapagka't
ang araw ng bukas ay mababalisa sa kaniyang sarili. Sukat
na sa kaarawan ang kaniyang kasamaan.

**7** Huwag kayong magsihatol, upang huwag kayong hatulan.
2 Sapagka't sa hatol na inyong ihahatol, ay hahatulan
kayo: at sa panukat na inyong isusukat, ay susukatin kayo.
3 At bakit mo tinitingnan ang puwing na nasa mata ng inyong
kapatid, nguni't hindi mo pinapansin ang tahilan na nasa
iyong sariling mata? 4 O paanong sasabihin mo sa iyong
kapatid, Pabayaan mong alisin ko ang puwing sa mata mo;
at narito, ang tahilan sa iyong sariling mata? 5 Ikaw na
mapagpaimbabaw, alisin mo muna ang tahilan sa iyong
sariling mata; at kung magkagayo'y makikita mong malinaw
ang pag-aalis mo ng puwing sa mata ng iyong kapatid. 6
Huwag ninyong ibigay sa mga aso ang anomang banal, ni
ihagis man ang inyong mga perlas sa harap ng mga baboy,
baka yurakan ng kanilang mga paa, at mangagbalik at kayo'y
lapain. 7 Magsihingi kayo, at kayo'y bibigyan; magsihanap
kayo, at kayo'y mangakasusumpong; magsituktok kayo,
at kayo'y bubuksan: 8 Sapagka't ang bawa't humihingi ay
tumatanggap; at ang humahanap ay nakasusumpong; at
ang tumutuktok ay binubuksan. 9 O anong tao sa inyo, ang
kung siya'y hingan ng tinapay ng kaniyang anak, ay bato
ang ibibigay; 10 O kung hingan siya ng isda, ay bibigyan
niya ng ahas? 11 Kung kayo nga, bagaman masasama ay
marurunong mangagbigay ng mabubuting kaloob sa inyong
mga anak, gaano pa kaya ang inyong Ama na nasa langit na

magbibigay ng mabubuting bagay sa nagsisihingi sa kaniya?
**12** Kaya nga lahat ng mga bagay na ibig ninyong sa inyo'y
gawin ng mga tao, gawin naman ninyo ang gayon sa kanila:
sapagka't ito ang sa kautusan at ang mga propeta. **13** Kayo'y
magsipasok sa makipot na pintuan: sapagka't maluwang ang
pintuan, at malapad ang daang patungo sa pagkapahamak,
at marami ang doo'y nagsisipasok. **14** Sapagka't makipot ang
pintuan, at makitid ang daang patungo sa buhay, at kakaunti
ang nangakakasumpong noon. **15** Mangagingat kayo sa mga
bulaang propeta, na nagsisilapit sa inyo na may damit tupa,
datapuwa't sa loob ay mga lobong maninila. **16** Sa kanilang
mga bunga ay inyong mangakikilala sila. Nakapuputi baga ng
mga ubas sa mga tinikan, o ng mga igos sa mga dawagan?
**17** Gayon din naman ang bawa't mabuting punong kahoy ay
nagbubunga ng mabuti; datapuwa't ang masamang punong
kahoy ay nagbubunga ng masama. **18** Hindi maaari na
ang mabuting punong kahoy ay magbunga ng masama, at
ang masamang punong kahoy ay magbunga ng mabuti.
**19** Bawa't punong kahoy na hindi nagbubunga ng mabuti
ay pinuputol, at inihahagis sa apoy. **20** Kaya't sa kanilang
mga bunga ay mangakikilala ninyo sila. **21** Hindi ang bawa't
nagsasabi sa akin, Panginoon, Panginoon, ay papasok sa
kaharian ng langit; kundi ang gumaganap ng kalooban ng
aking Ama na nasa langit. **22** Marami ang mangagsasabi sa
akin sa araw na yaon, Panginoon, Panginoon, hindi baga
nagsipanghula kami sa iyong pangalan, at sa pangalan mo'y
nangagpalayas kami ng mga demonio, at sa pangalan mo'y
nagsigawa kami ng maraming gawang makapangyarihan?
**23** At kung magkagayo'y ipahahayag ko sa kanila, Kailan
ma'y hindi ko kayo nangakilala: magsilayo kayo sa akin,
kayong manggagawa ng katampalasanan. **24** Kaya't ang
bawa't dumirinig ng aking mga salitang ito at ginaganap, ay
matutulad sa isang taong matalino, na itinayo ang kaniyang
bahay sa ibabaw ng bato: **25** At lumagpak ang ulan, at
bumaha, at humihip ang mga hangin, at hinampas ang bahay
na yaon; at hindi nabagsak: sapagka't natatayo sa ibabaw ng
bato. **26** At ang bawa't dumirinig ng aking mga salitang ito at
hindi ginaganap, ay matutulad sa isang taong mangmang, na
itinayo ang kaniyang bahay sa buhanginan: **27** At lumagpak
ang ulan, at bumaha, at humihip ang mga hangin, at
hinampas ang bahay na yaon; at nabagsak: at kakilakilabot
ang kaniyang pagkabagsak. **28** At nangyari, na nang matapos
na ni Jesus ang mga salitang ito, ay nangatilihan ang mga
karamihan sa kaniyang aral: **29** Sapagka't sila'y kaniyang
tinuturuang tulad sa may kapamahalaan, at hindi gaya ng
kanilang mga eskriba.

**8** At nang siya'y bumaba mula sa bundok, ay sinundan
siya ng lubhang maraming tao. **2** At narito, lumapit sa
kaniya ang isang ketongin, at siya'y sinamba, na nagsasabi,
Panginoon, kung ibig mo, ay maaaring malinis mo ako. **3**
At iniunat niya ang kaniyang kamay, at siya'y hinipo, na
nagsasabi, Ibig ko; luminis ka. At pagdaka'y nalinis ang
kaniyang ketong. **4** At sinabi sa kaniya ni Jesus, Ingatan
mong huwag sabihin kanino man; kundi humayo ka, pakita
ka sa saserdote, at ihandog mo ang alay na ipinagutos ni
Moises, na bilang patotoo sa kanila. **5** At pagpasok niya
sa Capernaum, ay lumapit sa kaniya ang isang senturion,
na sa kaniya'y namanhik, **6** At nagsasabi, Panginoon,
ang aking alila ay nararatay sa bahay, lumpo, at lubhang
nahihirapan. **7** At sinabi niya sa kaniya, Paroroon ako,
at siya'y aking pagagalingin. **8** At sumagot ang senturion
at sinabi, Panginoon, hindi ako karapat-dapat na ikaw ay
pumasok sa ilalim ng aking bubungan; datapuwa't sabihin mo
lamang ang salita, at gagaling ang aking alila. **9** Sapagka't
ako rin naman ay taong nasa ilalim ng kapamahalaan, na
may nasasakupan akong mga kawal: at sinasabi ko rito,
Yumaon ka, at siya'y yumayaon; at sa isa, Halika, at siya'y
lumalapit; at sa aking alipin, Gawin mo ito, at kaniyang
ginagawa. **10** At nang marinig ito ni Jesus, ay nagtaka siya,
at sinabi sa nagsisisunod, Katotohanang sinasabi ko sa
inyo, na kahit sa Israel man, ay hindi ako nakasumpong
ng ganito kalaking pananampalataya. **11** At sinabi ko sa
inyo, na marami ang magsisipanggaling sa silanganan at sa
kalunuran, at magsisiupong kasama ni Abraham, at ni Isaac,
at ni Jacob, sa kaharian ng langit: **12** Datapuwa't ang mga
anak ng kaharian ay pawang itatapon sa kadiliman sa labas:
diyan na nga ang pagtangis at pagngangalit ng mga ngipin.
**13** At sinabi ni Jesus sa senturion, Humayo ka ng iyong
lakad; at ayon sa iyong pagsampalataya, ay gayon ang sa
iyo'y mangyari. At gumaling ang kaniyang alila sa oras ding
yaon. **14** At nang pumasok si Jesus sa bahay ni Pedro, ay
nakita niya ang biyanang babae nito na nararatay dahil sa
lagnat. **15** At hinipo ang kaniyang kamay, at inibsan siya ng
lagnat; at siya'y nagbangon, at naglingkod sa kaniya. **16** At
nang kinahapunan, ay dinala nila sa kaniya ang maraming
inaalihan ng demonio: at pinalayas niya sa isang salita ang
masasamang espiritu at pinagaling ang lahat ng mga may
sakit: **17** Upang matupad ang sinabi sa pamamagitan ng
propeta Isaias, na nagsasabi, Siya rin ang kumuha ng ating
mga sakit, at nagdala ng ating mga karamdaman. **18** Nang
makita nga ni Jesus ang lubhang maraming tao sa palibot
niya, ay ipinagutos niyang tumawid sa kabilang ibayo. **19** At
lumapit ang isang eskriba, at sa kaniya'y nagsabi, Guro,
susunod ako sa iyo saan ka man pumaroon. **20** At sinabi sa
kaniya ni Jesus, May mga lungga ang mga zorra, at may
mga pugad ang mga ibon sa langit; datapuwa't ang Anak
ng tao ay walang kahiligan ang kaniyang ulo. **21** At ang
isa naman sa kaniyang mga alagad ay nagsabi sa kaniya,

Panginoon, tulutan mo muna akong makauwi at mailibing ko
ang aking ama. **22** Datapuwa't sinabi sa kaniya ni Jesus,
Sumunod ka sa akin; at pabayaan mong ilibing ng mga
patay ang kanilang sariling mga patay. **23** At pagkalulan
niya sa isang daong, ay sinundan siya ng kaniyang mga
alagad. **24** At narito, bumangon ang isang malakas na
bagyo sa dagat, na ano pa't inaapawan ang daong ng mga
alon: datapuwa't siya'y natutulog. **25** At nagsilapit sila sa
kaniya, at siya'y ginising, na sinasabi, Panginoon, iligtas
mo kami; kami'y mangamamatay. **26** At sinabi niya sa
kanila, Bakit kayo'y nangatatakot, Oh kayong kakaunti ang
pananampalataya? Nang magkagayo'y nagbangon siya,
at sinaway ang mga hangin at ang dagat; at humusay na
totoo ang panahon. **27** At ang mga tao ay nangagtaka, na
sinasabi, Anong tao ito, na maging ang mga hangin at ang
mga dagat ay nagsisitalima sa kaniya? **28** At nang siya'y
makarating sa kabilang ibayo sa lupain ng mga Gadareno,
ay sinalubong siya ng dalawang inaalihan ng mga demonio
na nagsisilabas sa mga libingan, na totoong mababangis, na
ano pa't sinoma'y walang makapagdaan sa daang yaon.
**29** At narito, sila'y nagsisigaw, na nangagsasabi, Anong
aming ipakikialam sa iyo, ikaw na Anak ng Dios? naparito
ka baga upang kami'y iyong pahirapan bago dumating ang
kapanahunan? **30** Sa malayo sa kanila ay may isang kawan
ng maraming baboy na nagsisipanginain. **31** At namanhik sa
kaniya ang mga demonio, na nangagsasabi, Kung kami'y
palalayasin mo, ay paparoonin mo kami sa kawan ng mga
baboy. **32** At sinabi niya sa kanila, Magsiparoon kayo. At
sila'y nagsilabas, at nagsipasok sa mga baboy: at narito,
ang buong kawan ng mga baboy ay nangapadaluhong sa
bangin hanggang sa dagat, at nangamatay sa tubig. **33**
At nagsitakas ang mga tagapagalaga ng mga yaon, at
nagsitungo sa bayan, at sinabi ang lahat ng mga nangyari,
at ang kinahinatnan ng mga inalihan ng mga demonio. **34** At
narito, lumabas ang buong bayan upang sumalubong kay
Jesus: at pagkakita nila sa kaniya, ay pinamanhikan siyang
umalis sa kanilang mga hangganan.

**9** At lumulan siya sa isang daong, at tumawid, at dumating
sa kaniyang sariling bayan. **2** At narito, dinala nila sa
kaniya ang isang lumpo, na nakahiga sa isang higaan: at
nang makita ni Jesus ang kanilang pananampalataya, ay
sinabi sa lumpo, Anak, laksan mo ang iyong loob; ang iyong
mga kasalanan ay ipinatatawad na. **3** At narito, ang ilan sa
mga eskriba ay nangagsabi sa kanilang sarili, Ang taong
ito'y namumusong. **4** At pagkaunawa ni Jesus ng kanilang
mga kaisipan, ay sinabi, Bakit nangagiisip kayo ng masama
sa inyong mga puso? **5** Sapagka't alin baga ang lalong
magaang sabihin, Ipinatatawad na ang iyong mga kasalanan;
o sabihin, Magtindig ka, at lumakad ka? **6** Datapuwa't upang
maalaman ninyo na ang Anak ng tao'y may kapamahalaan sa
lupa na magpatawad ng mga kasalanan (sinabi nga niya sa
lumpo), Magtindig ka, buhatin mo ang iyong higaan, at umuwi
ka sa iyong bahay. **7** At nagtindig siya, at umuwi sa kaniyang
bahay. **8** Datapuwa't nang makita ito ng karamihan, ay
nangatakot sila, at kanilang niluwalhati ang Dios, na nagbigay
ng gayong kapamahalaan sa mga tao. **9** At pagdaraan doon
ni Jesus, ay nakita niya ang isang tao, na kung tawagi'y
Mateo, na nakaupo sa paningilan ng buwis: at sinabi niya sa
kaniya, Sumunod ka sa akin. At siya'y nagtindig, at sumunod
sa kaniya. **10** At nangyari, na nang nakaupo siya sa pagkain
sa bahay, narito, ang maraming maniningil ng buwis at
mga makasalanan ay nagsirating at nagsiupong kasalo ni
Jesus at ng kaniyang mga alagad. **11** At nang makita ito ng
mga Fariseo, ay sinabi nila sa kaniyang mga alagad, Bakit
sumasalo ang inyong Guro sa mga maniningil ng buwis
at mga makasalanan? **12** Datapuwa't nang ito'y marinig
niya, ay kaniyang sinabi, Ang mga walang sakit ay hindi
nangangailangan ng manggagamot, kundi ang mga may
sakit. **13** Datapuwa't magsihayo kayo at inyong pagaralan
kung ano ang kahulugan nito, Habag ang ibig ko, at hindi
hain: sapagka't hindi ako naparito upang tumawag ng mga
matuwid, kundi ng mga makasalanan. **14** Nang magkagayo'y
nagsilapit sa kaniya ang mga alagad ni Juan, na nangagsabi,
Bakit kami at ang mga Fariseo ay nangagaayunong madalas,
datapuwa't hindi nangagaayuno ang mga alagad mo? **15** At
sinabi sa kanila ni Jesus, Mangyayari bagang mangagluksa
ang mga abay sa kasalan, samantalang ang kasintahang
lalake ay kasama nila? datapuwa't darating ang mga araw,
na ang kasintahang lalake ay aalisin sa kanila, at kung
magkagayo'y mangagaayuno sila. **16** At sinoma'y hindi
nagtatagpi ng bagong kayo sa damit na luma; sapagka't
ang tagpi ay bumabatak sa damit, at lalong lumalala ang
punit. **17** Hindi rin nagsisilid ng bagong alak sa mga balat na
luma: sa ibang paraan ay nangagpuputok ang mga balat,
at nangabububo ang alak, at nangasisira ang mga balat:
kundi isinisilid ang bagong alak sa mga bagong balat, at
kapuwa nagsisitagal. **18** Samantalang sinasalita niya ang
mga bagay na ito sa kanila, narito, dumating ang isang
pinuno, at siya'y sinamba, na nagsasabi, Kamamatay pa
lamang ng aking anak na babae: datapuwa't halina at
ipatong mo ang iyong kamay sa kaniya, at siya'y mabubuhay.
**19** At si Jesus ay nagtindig, at sumama sa kaniya, pati
ng kaniyang mga alagad. **20** At narito, isang babaing
inaagasang may labingdalawang taon na, ay lumapit sa
kaniyang likuran, at hinipo ang laylayan ng kaniyang damit:
**21** Sapagka't sinabi niya sa kaniyang kalooban, Kung mahipo
ko man lamang ang kaniyang damit, ay gagaling ako. **22**
Datapuwa't paglingon ni Jesus at pagkakita sa kaniya,

ay sinabi, Anak, laksan mo ang iyong loob; pinagaling
ka ng iyong pananampalataya. At gumaling ang babae
mula sa oras na yaon. **23** At nang pumasok si Jesus sa
bahay ng pinuno, at makita ang mga tumutugtog ng mga
plauta, at ang mga taong nangagkakagulo, **24** Ay sinabi
niya, Magparaan kayo: sapagka't hindi patay ang dalaga,
kundi natutulog. At tinawanan nila siya na nililibak. **25**
Datapuwa't nang mapalabas na ang mga tao, ay pumasok
siya, at tinangnan niya siya sa kamay; at nagbangon ang
dalaga. **26** At kumalat ang pagkabantog na ito sa buong
lupang yaon. **27** At pagkaraan doon ni Jesus ay sinundan
siya ng dalawang lalaking bulag, na nangagsisisigaw, at
nangagsasabi, Mahabag ka sa amin, ikaw na Anak ni
David. **28** At nang pumasok siya sa bahay, ay nagsilapit
sa kaniya ang mga lalaking bulag: at sinabi sa kanila ni
Jesus, Nagsisisampalataya baga kayo na magagawa ko ito?
Sinabi nila sa kaniya, Oo, Panginoon. **29** Nang magkagayo'y
kaniyang hinipo ang mga mata nila, na sinasabi, Alinsunod sa
inyong pananampalataya ay siyang mangyari sa inyo. **30** At
nangadilat ang kanilang mga mata. At mahigpit na ipinagbilin
ni Jesus sa kanila, na sinasabi, Ingatan ninyong sinoma'y
huwag makaalam nito. **31** Datapuwa't sila'y nagsialis, at
kanilang inilathala ang kaniyang kabantugan sa buong lupang
yaon. **32** At samantalang sila'y nagsisialis, narito, sa kaniya'y
dinala ang isang lalaking pipi na inaalihan ng demonio. **33** At
nang mapalabas ang demonio, ay nagsalita ang lalaking
pipi: at nangagtaka ang mga karamihan, na nangagsasabi,
Kailan ma'y hindi nakita sa Israel ang ganito. **34** Datapuwa't
sinabi ng mga Fariseo, sa pamamagitan ng prinsipe ng mga
demonio ay nagpapalabas siya ng mga demonio. **35** At
nililibot ni Jesus ang lahat ng mga bayan at mga nayon,
na nagtuturo sa mga sinagoga nila, at ipinangangaral ang
evangelio ng kaharian, at pinagagaling ang sarisaring sakit at
ang sarisaring karamdaman. **36** Datapuwa't nang makita niya
ang mga karamihan, ay nahahabag siya sa kanila, sapagka't
pawang nangahahapis at nangangalat, na gaya ng mga
tupa na walang pastor. **37** Nang magkagayo'y sinabi niya sa
kaniyang mga alagad, Katotohana'y ang aanihin ay marami,
datapuwa't kakaunti ang mga manggagawa. **38** Idalangin
nga ninyo sa Panginoon ng aanihin, na magpadala siya ng
mga manggagawa sa kaniyang aanihin.

**10** At pinalapit niya sa kaniya ang kaniyang labingdalawang
alagad, at binigyan niya sila ng kapamahalaan laban
sa mga karumaldumal na espiritu, upang mapalabas nila, at
upang kanilang mapagaling ang lahat ng sarisaring sakit at
ang lahat ng sarisaring karamdaman. **2** Ang mga pangalan
nga ng labingdalawang apostol ay ito: Ang una'y si Simon
na tinatawag na Pedro, at si Andres na kaniyang kapatid; si
Santiago na anak ni Zebedeo, at ang kaniyang kapatid na si
Juan; **3** Si Felipe, at si Bartolome; si Tomas, at si Mateo
na maniningil ng buwis; si Santiago na anak ni Alfeo at si
Tadeo; **4** Si Simon na Cananeo, at si Judas Iscariote, na
siya ring sa kaniya'y nagkanulo. **5** Ang labingdalawang ito'y
sinugo ni Jesus, at sila'y pinagbilinan, na sinasabi, Huwag
kayong magsitungo sa alin mang daan ng mga Gentil, at
huwag kayong magsipasok sa alin mang bayan ng mga taga
Samaria: **6** Kundi bagkus magsiparoon kayo sa mga tupang
nangawaglit sa bahay ni Israel. **7** At samantalang kayo'y
nangaglalakad, ay magsipangaral kayo, na mangagsabi, Ang
kaharian ng langit ay malapit na. **8** Mangagpagaling kayo
ng mga may sakit, mangagpabangon kayo ng mga patay,
mangaglinis kayo ng mga ketong, mangagpalabas kayo ng
mga demonio: tinanggap ninyong walang bayad, ay ibigay
ninyong walang bayad. **9** Huwag kayong mangagbaon ng
ginto, kahit pilak, kahit tanso sa inyong mga supot: **10** Kahit
supot ng pagkain sa paglalakad, kahit dalawang tunika, kahit
mga pangyapak, o tungkod: sapagka't ang manggagawa ay
karapatdapat sa kaniyang pagkain. **11** At sa alin mang bayan
o nayon na inyong pasukin, siyasatin ninyo kung sino roon
ang karapatdapat; at magsitahan kayo roon hanggang sa
kayo'y magsialis. **12** At pagpasok ninyo sa bahay, ay batiin
ninyo ito. **13** At kung karapatdapat ang bahay, ay dumoon ang
inyong kapayapaan: datapuwa't kung hindi karapatdapat, ay
mabalik sa inyo ang kapayapaan ninyo. **14** At sinomang hindi
tumanggap sa inyo, ni duminig sa inyong mga pananalita,
pagalis ninyo sa bahay o bayang yaon, ay ipagpag ninyo ang
alabok ng inyong mga paa. **15** Katotohanang sinasabi ko sa
inyo, Higit na mapagpapaumanhinan ang lupa ng Sodoma at
ng Gomorra sa araw ng paghuhukom, kay sa bayang yaon.
**16** Narito, sinusugo ko kayong gaya ng mga tupa sa gitna
ng mga lobo: mangagpakatalino nga kayong gaya ng mga
ahas at mangagpakatimtimang gaya ng mga kalapati. **17**
Datapuwa't mangagpakaingat kayo sa mga tao: sapagka't
kayo'y ibibigay nila sa mga Sanedrin at kayo'y hahampasin
sa kanilang mga sinagoga; **18** Oo at kayo'y dadalhin sa
harap ng mga gobernador at mga hari dahil sa akin, sa
pagpapatotoo sa kanila at sa mga Gentil. **19** Datapuwa't
pagka kayo'y ibinigay nila, huwag ninyong ikabalisa kung
paano o kung ano ang inyong sasabihin: sapagka't sa oras
na yaon ay ipagkakaloob sa inyo ang inyong sasabihin.
**20** Sapagka't hindi kayo ang mangagsasalita, kundi ang
Espiritu ng inyong Ama ang sa inyo'y magsasalita. **21** At
ibibigay ng kapatid ang kapatid sa kamatayan, at ng ama
ang kaniyang anak: at mangaghihimagsik ang mga anak
laban sa kanilang mga magulang, at sila'y ipapapatay. **22**
At kayo'y kapopootan ng lahat ng mga tao dahil sa aking
pangalan: datapuwa't ang magtitiis hanggang sa wakas, ay
siyang maliligtas. **23** Datapuwa't pagka kayo'y pinagusig nila

sa isang bayang ito, ay magsitakas kayo tungo sa kasunod
na bayan: sapagka't sa katotohanang sinasabi ko sa inyo,
Hindi ninyo matatapos libutin ang mga bayan ng Israel,
hanggang sa pumarito ang Anak ng tao. **24** Hindi mataas
ang alagad sa kaniyang guro, ni hindi rin mataas ang alila sa
kaniyang panginoon. **25** Sukat na sa alagad ang maging
katulad ng kaniyang guro, at sa alila ang maging katulad ng
kaniyang panginoon. Kung pinanganlan nilang Beelzebub
ang panginoon ng sangbahayan, gaano pa kaya ang mga
kasangbahay niya! **26** Huwag nga ninyo silang katakutan:
sapagka't walang bagay na natatakpan, na hindi mahahayag;
at natatago na hindi malalaman. **27** Ang sinasabi ko sa inyo
sa kadiliman, ay sabihin ninyo sa kaliwanagan; at ang narinig
ninyo sa bulong, ay inyong ipagsigawan sa mga bubungan.
**28** At huwag kayong mangatakot sa mga nagsisipatay ng
katawan, datapuwa't hindi nangakakapatay sa kaluluwa:
kundi bagkus ang katakutan ninyo'y yaong makapupuksa sa
kaluluwa at sa katawan sa impierno. **(Geenna g1067)** **29** Hindi
baga ipinagbibili ng isang beles ang dalawang maya? at
kahit isa sa kanila'y hindi mahuhulog sa lupa kung hindi
pahintulot ng inyong Ama: **30** Datapuwa't maging ang mga
buhok ng inyong ulo ay pawang bilang na lahat. **31** Huwag
nga kayong mangatakot: kayo'y lalong mahalaga kay sa
maraming maya. **32** Kaya't ang bawa't kumikilala sa akin sa
harap ng mga tao, ay kikilalanin ko naman siya sa harap ng
aking Ama na nasa langit. **33** Datapuwa't sinomang sa aki'y
magkaila sa harap ng mga tao, ay ikakaila ko naman siya
sa harap ng aking Ama na nasa langit. **34** Huwag ninyong
isiping ako'y naparito upang magdala ng kapayapaan sa
lupa: hindi ako naparito upang magdala ng kapayapaan,
kundi tabak. **35** Sapagka't ako'y naparito upang papagalitin
ang lalake laban sa kaniyang ama, at ang anak na babae
laban sa kaniyang ina, at ang manugang na babae laban sa
kaniyang biyanang babae: **36** At ang magiging kaaway ng
tao ay ang kaniya ring sariling kasangbahay. **37** Ang umiibig
sa ama o sa ina ng higit kay sa akin ay hindi karapatdapat
sa akin; at ang umiibig sa anak na lalake o anak na babae
ng higit kay sa akin ay hindi karapatdapat sa akin. **38** At
ang hindi nagpapasan ng kaniyang krus at sumusunod sa
akin, ay hindi karapatdapat sa akin. **39** Ang nakasusumpong
ng kaniyang buhay ay mawawalan nito; at ang mawalan
ng buhay dahil sa akin ay makasusumpong niyaon. **40**
Ang tumatanggap sa inyo ay ako ang tinatanggap, at ang
tumatanggap sa akin ay tinatanggap ang nagsugo sa akin.
**41** Ang tumatanggap sa isang propeta dahil sa pangalan
ng propeta ay tatanggap ng ganti ng isang propeta: at ang
tumatanggap sa isang taong matuwid dahil sa pangalan
ng isang taong matuwid ay tatanggap ng ganti ng isang
taong matuwid. **42** At sinomang magpainom sa isa sa maliliit
na ito ng kahit isang sarong tubig na malamig, dahil sa
pangalang alagad, katotohanang sinasabi ko sa inyo na
hindi mawawala ang ganti sa kaniya.

**11** At nangyari, na nang matapos nang masabi ni Jesus
ang kaniyang mga utos sa kaniyang labingdalawang
alagad, ay umalis siya roon upang magturo at mangaral
sa mga bayan nila. **2** Nang marinig nga ni Juan sa
bilangguan ang mga gawa ni Cristo, ay nagpasugo siya
sa pamamagitan ng kaniyang mga alagad, **3** At sinabi
sa kaniya, Ikaw baga yaong paririto, o hihintayin namin
ang iba? **4** At sumagot si Jesus at sa kanila'y sinabi,
Magsiparoon kayo at sabihin ninyo kay Juan ang mga bagay
na inyong nangaririnig at nangakikita: **5** Ang mga bulag ay
nangakakakita, ang mga pilay ay nangakalalakad, ang mga
ketongin ay nangalilinis, at ang mga bingi ay nangakaririnig,
at ang mga patay ay ibinabangon, at sa mga dukha ay
ipinangangaral ang mabubuting balita. **6** At mapalad ang
sinomang hindi makasumpong ng anomang katitisuran
sa akin. **7** At samantalang ang mga ito'y nagsisiyaon ng
kanilang lakad, ay nagpasimula si Jesus na magsalita sa
mga karamihan tungkol kay Juan, Ano ang nilabas ninyo
upang masdan sa ilang? isang tambo na inuuga ng hangin?
**8** Datapuwa't ano ang nilabas ninyo upang makita? isang
taong nararamtan ng mga damit na maseselan? Narito, ang
mga nagsisipanamit ng maseselan ay nangasa mga bahay
ng mga hari. **9** Datapuwa't ano ang nilabas ninyo? upang
makita ang isang propeta? Oo, sinasabi ko sa inyo, at lalo
pang higit kay sa isang propeta. **10** Ito yaong tungkol sa
kaniya'y nasusulat, Narito, sinusugo ko ang aking sugo sa
unahan ng iyong mukha, Na maghahanda ng iyong daan
sa unahan mo. **11** Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Sa
gitna ng mga ipinanganganak ng mga babae ay walang
lumitaw na isang dakila kay sa kay Juan Bautista: gayon
man ang lalong maliit sa kaharian ng langit ay lalong dakila
kay sa kaniya. **12** At mula sa mga araw ni Juan Bautista
hanggang ngayon, ang kaharian ng langit ay nagbabata
ng karahasan, at kinukuha nang sapilitan ng mga taong
mararahas. **13** Sapagka't ang lahat ng mga propeta at ang
kautusan hanggang kay Juan ay nagsipanghula. **14** At kung
ibig ninyong tanggapin, ay siya'y si Elias na paririto. **15** Ang
may mga pakinig upang ipakinig, ay makinig. **16** Datapuwa't
sa ano ko itutulad ang lahing ito? Tulad sa mga batang
nangakaupo sa mga pamilihan, na sinisigawan ang kanilang
mga kasama. **17** At sinasabi, Tinutugtugan namin kayo ng
plauta, at hindi kayo nagsisisayaw; nagsipanambitan kami, at
hindi kayo nangahapis. **18** Sapagka't naparito si Juan na hindi
kumakain o umiinom man, at sinasabi nila, Siya'y mayroong
demonio. **19** Naparito ang Anak ng tao na kumakain at
umiinom, at sinasabi nila, Narito, ang isang matakaw na

tao at isang manginginom ng alak, isang kaibigan ng
mga maniningil ng buwis at ng mga makasalanan! At ang
karunungan ay inaaring-ganap ng kaniyang mga gawa. 20
Nang magkagayo'y kaniyang pinasimulang sumbatan ang
mga bayan na pinaggagawan niya ng lalong marami sa
kaniyang mga gawang makapangyarihan, sapagka't hindi sila
nangagsisi. 21 Sa aba mo, Corazin! sa aba mo, Bethsaida!
sapagka't kung sa Tiro at sa Sidon sana ginawa ang mga
gawang makapangyarihan na ginawa sa inyo, malaon na
dising nangagsisi na may mga damit na magaspang at abo. 22
Nguni't sinasabi ko sa inyo na higit na mapagpapaumanhinan
ang Tiro at Sidon sa araw ng paghuhukom, kay sa inyo. 23
At ikaw, Capernaum, magpapakataas ka baga hanggang sa
langit? ibababa ka hanggang sa Hades: sapagka't kung sa
Sodoma sana ginawa ang mga makapangyarihang gawang
sa iyo'y ginawa, ay nanatili sana siya hanggang sa araw na
ito. **(Hadēs g86)** 24 Datapuwa't sinasabi ko sa inyo na higit
na mapagpapaumanhinan ang lupa ng Sodoma sa araw
ng paghuhukom, kay sa iyo. 25 Nang panahong yaon ay
sumagot si Jesus at sinabi, Ako'y nagpapasalamat sa iyo,
Oh Ama, Panginoon ng langit at ng lupa, na iyong inilihim
ang mga bagay na ito sa mga pantas at matatalino, at
ipinahayag mo sa mga sanggol: 26 Oo nga, Ama, sapagka't
gayon ang nakalugod sa iyong paningin. 27 Ang lahat ng
mga bagay ay ibinigay sa akin ng aking Ama: at sinoma'y
hindi nakakakilala sa Anak kundi ang Ama; at sinoma'y
hindi nakakakilala sa Ama, kundi ang Anak, at yaong ibiging
pagpahayagan ng Anak. 28 Magsiparito sa akin, kayong
lahat na nangapapagal at nangabibigatang lubha, at kayo'y
aking papagpapahingahin. 29 Pasanin ninyo ang aking
pamatok, at magaral kayo sa akin; sapagka't ako'y maamo
at mapagpakumbabang puso: at masusumpungan ninyo
ang kapahingahan ng inyong mga kaluluwa. 30 Sapagka't
malambot ang aking pamatok, at magaan ang aking pasan.

**12** Nang panahong yaon ay naglalakad si Jesus nang araw
ng sabbath sa mga bukiran ng trigo; at nangagutom
ang kaniyang mga alagad at nangagpasimulang magsikitil
ng mga uhay at magsikain. 2 Datapuwa't pagkakita nito
ng mga Fariseo, ay sinabi nila sa kaniya, Tingnan mo,
ginagawa ng mga alagad mo ang hindi matuwid na gawin
sa sabbath. 3 Datapuwa't sinabi niya sa kanila, Hindi baga
ninyo nabasa ang ginawa ni David nang siya'y nagutom, at
ang mga kasamahan niya; 4 Kung paanong siya'y pumasok
sa bahay ng Dios, at kumain siya ng mga tinapay na handog,
na hindi matuwid na kanin niya, ni ng mga kasamahan
niya, kundi ng mga saserdote lamang? 5 O hindi baga
ninyo nabasa sa kautusan, kung paanong sa mga araw
ng sabbath ay niwawalang galang ng mga saserdote sa
templo ang sabbath, at hindi nangagkakasala? 6 Datapuwa't
sinasabi ko sa inyo, na dito ay may isang lalong dakila kay
sa templo. 7 Datapuwa't kung nalalaman ninyo kung ano
ang kahulugan nito, Habag ang ibig ko, at hindi hain, ay
hindi sana ninyo hinatulan ang mga walang kasalanan. 8
Sapagka't ang Anak ng tao ay panginoon ng sabbath. 9 At
siya'y umalis doon at pumasok sa sinagoga nila: 10 At narito,
may isang tao na tuyo ang isang kamay. At sa kaniya'y
itinanong nila, na sinasabi, Matuwid bagang magpagaling sa
araw ng sabbath? upang siya'y kanilang maisumbong. 11 At
sinabi niya sa kanila, Sino kaya sa inyo, na kung mayroong
isang tupa, na kung mahulog ito sa isang hukay sa araw
ng sabbath, ay hindi baga niya aabutin, at hahanguin? 12
Gaano pa nga ang isang tao na may halaga kay sa isang
tupa! Kaya't matuwid na gumawa ng mabuti sa araw ng
sabbath. 13 Nang magkagayo'y sinabi niya sa lalake, Iunat
mo ang iyong kamay. At iniunat niya; at napauling walang
sakit, na gaya ng isa. 14 Datapuwa't nagsialis ang mga
Fariseo, at nangagpulong laban sa kaniya, kung papaanong
siya'y maipapupuksa nila. 15 At pagkahalata nito ni Jesus ay
lumayo roon: at siya'y sinundan ng marami; at kaniyang
pinagaling silang lahat, 16 At ipinagbilin niya sa kanila,
na siya'y huwag nilang ihayag: 17 Upang matupad ang
sinabi sa pamamagitan ng propeta Isaias, na nagsasabi, 18
Narito, ang lingkod ko na aking hinirang; At minamahal ko na
kinalulugdan ng aking kaluluwa: Isasakaniya ko ang aking
Espiritu, At ihahayag niya ang paghuhukom sa mga Gentil.
19 Hindi siya makikipagtalo, ni sisigaw; Ni maririnig man ng
sinoman ang kaniyang tinig sa mga lansangan. 20 Hindi
niya babaliin ang tambong gapok, At hindi papatayin ang
timsim na umuusok, Hanggang sa papagtagumpayin ang
paghuhukom. 21 At aasa sa kaniyang pangalan ang mga
Gentil. 22 Nang magkagayo'y dinala sa kaniya ang isang
inaalihan ng demonio, bulag at pipi, at kaniyang pinagaling,
ano pa't ang pipi ay nagsalita at nakakita. 23 At ang buong
karamihan ay nangagtaka, at nangagsabi, Ito kaya ang Anak
ni David? 24 Datapuwa't nang marinig ito ng mga Fariseo,
ay kanilang sinabi, Ang taong ito'y hindi nagpapalabas ng
mga demonio, kundi sa pamamagitan ni Beelzebub na
prinsipe ng mga demonio. 25 At pagkaalam niya ng mga
iniisip nila, ay sinabi niya sa kanila, Ang bawa't kahariang
nagkakabahabahagi laban sa kaniyang sarili ay mawawasak;
ang bawa't bayan o bahay na nagkakabahabahagi laban sa
kaniyang sarili ay hindi mananatili. 26 At kung pinalalabas ni
Satanas si Satanas, siya nababahagi laban sa kaniyang
sarili; papaano ngang mananatili ang kaniyang kaharian? 27
At kung sa pamamagitan ni Beelzebub ay nagpapalabas
ako ng mga demonio, ang inyong mga anak sa kaninong
pamamagitan sila'y pinalalabas? kaya nga sila ang inyong
magiging mga hukom. 28 Nguni't kung sa pamamagitan

ng Espiritu ng Dios nagpapalabas ako ng mga demonio,
ay dumating nga sa inyo ang kaharian ng Dios. 29 O
papaano bagang makapapasok ang sinoman sa bahay ng
malakas, at samsamin ang kaniyang mga pag-aari, kung
hindi muna gapusin ang malakas? at kung magkagayo'y
masasamsaman niya ang kaniyang bahay. 30 Ang hindi
sumasa akin ay laban sa akin; at ang hindi nagiimpok na
kasama ko ay nagsasambulat. 31 Kaya't sinasabi ko sa inyo,
Ang bawa't kasalanan at kapusungan ay ipatatawad sa mga
tao; datapuwa't ang kapusungang laban sa Espiritu ay hindi
ipatatawad. 32 At ang sinomang magsalita ng isang salitang
laban sa Anak ng tao, ay ipatatawad sa kaniya; datapuwa't
ang sinomang magsalita laban sa Espiritu Santo, ay hindi
ipatatawad sa kaniya, kahit sa sanglibutang ito, o maging
sa darating. **(aiōn g165)** 33 O pabutihin ninyo ang punong
kahoy, at mabuti ang bunga niyaon; o pasamain ninyo ang
punong kahoy, at masama ang bunga niyaon: sapagka't ang
punong kahoy ay nakikilala sa pamamagitan ng kaniyang
bunga. 34 Kayong lahi ng mga ulupong, papaano kayo na
masasama, ay makapagsasalita ng mabubuting bagay?
sapagka't sa kasaganaan ng puso ay nagsasalita ang bibig.
35 Ang mabuting tao sa kaniyang mabuting kayamanan
ay kumukuha ng mabubuting bagay: at ang masamang
tao sa kaniyang masamang kayamanan ay kumukuha ng
masasamang bagay. 36 At sinasabi ko sa inyo, na ang
bawa't salitang walang kabuluhang sabihin ng mga tao ay
ipagsusulit nila sa araw ng paghuhukom. 37 Sapagka't sa
iyong mga salita ikaw ay magiging banal, at sa iyong mga
salita ay hahatulan ka. 38 Nang magkagayo'y nagsisagot
sa kaniya ang ilan sa mga eskriba at sa mga Fariseo, na
nangagsasabi, Guro, ibig namin makakita ng isang tanda
sa iyo. 39 Datapuwa't siya'y sumagot, at sinabi sa kanila,
Isang lahing masama at mapangalunya ay humahanap ng
isang tanda; at hindi siya bibigyan ng anomang tanda kundi
ng tanda ng propeta Jonas: 40 Sapagka't kung paanong si
Jonas ay napasa tiyan ng isang balyena na tatlong araw
at tatlong gabi; ay gayon ding mapapasa ilalim ng lupa na
tatlong araw at tatlong gabi ang Anak ng tao. 41 Magsisitayo
sa paghuhukom ang mga tao sa Nineve na kasama ng
lahing ito, at ito'y hahatulan: sapagka't sila'y nagsipagsisi sa
pangangaral ni Jonas; at narito, dito'y may isang lalong dakila
kay sa kay Jonas. 42 Magbabangon sa paghuhukom ang
reina ng timugan na kasama ng lahing ito, at ito'y hahatulan:
sapagka't siya'y nanggaling sa mga wakas ng lupa upang
pakinggan ang karunungan ni Salomon; at narito, dito'y may
isang lalong dakila kay sa kay Salomon. 43 Datapuwa't ang
karumaldumal na espiritu, kung siya'y lumabas sa tao, ay
lumalakad sa mga dakong walang tubig na humahanap ng
kapahingahan, at hindi makasumpong. 44 Kung magkagayo'y
sinasabi niya, Babalik ako sa aking bahay na nilabasan
ko; at pagdating niya, ay nasusumpungan niyang walang
laman, walis na, at nagagayakan. 45 Kung magkagayo'y
yumayaon siya, at nagsasama ng pito pang espiritu na
lalong masasama kay sa kaniya, at sila'y nagsisipasok
at nagsisitahan doon: at nagiging lalo pang masama ang
huling kalagayan ng taong yaon kay sa una. Gayon din ang
mangyayari sa masamang lahing ito. 46 Samantalang siya'y
nagsasalita pa sa mga karamihan, narito, ang kaniyang ina at
ang kaniyang mga kapatid ay nangakatayo sa labas, at ibig
nilang siya'y makausap. 47 At may nagsabi sa kaniya, Narito,
ang iyong ina at ang iyong mga kapatid ay nangakatayo
sa labas, na ibig nilang makausap ka. 48 Nguni't siya'y
sumagot at sinabi sa nagsabi sa kaniya, Sino ang aking
ina? at sino-sino ang aking mga kapatid? 49 At iniunat niya
ang kaniyang kamay sa kaniyang mga alagad, at sinabi,
Narito, ang aking ina at ang aking mga kapatid! 50 Sapagka't
sinomang gumaganap ng kalooban ng aking Ama na nasa
langit, ay siyang aking kapatid na lalake at aking kapatid na
babae, at ina.

**13** Nang araw na yaon ay lumabas si Jesus sa bahay,
at naupo sa tabi ng dagat. 2 At nakisama sa kaniya
ang lubhang maraming tao, ano pa't lumulan siya sa isang
daong, at naupo; at ang buong karamihan ay nangakatayo sa
baybayin. 3 At pinagsalitaan niya sila ng maraming mga bagay
sa mga talinghaga, na sinasabi, Narito, ang manghahasik
ay yumaon upang maghasik. 4 At sa paghahasik niya, ay
nangahulog ang ilang binhi sa tabi ng daan, at dumating ang
mga ibon at kinain nila; 5 At ang mga iba'y nangahulog sa
mga batuhan, na doo'y walang sapat na lupa: at pagdaka'y
sumibol, sapagka't hindi malalim ang lupa: 6 At pagsikat ng
araw ay nangainitan; at dahil sa walang ugat, ay nangatuyo.
7 At ang mga iba'y nangahulog sa mga dawagan, at nagsilaki
ang mga dawag, at ininis ang mga yaon. 8 At ang mga
iba'y nangahulog sa mabuting lupa, at nangagbunga, ang
ila'y tigisang daan, at ang ila'y tigaanim na pu, at ang ila'y
tigtatatlongpu. 9 At ang may mga pakinig, ay makinig. 10 At
nagsilapit ang mga alagad, at sinabi nila sa kaniya, Bakit mo
sila pinagsasalitaan sa mga talinghaga? 11 At sumagot siya
at sinabi sa kanila, Sa inyo'y ipinagkaloob ang mangakaalam
ng mga hiwaga ng kaharian ng langit, datapuwa't hindi
ipinagkaloob sa kanila. 12 Sapagka't sinomang mayroon
ay bibigyan, at siya'y magkakaroon ng sagana: nguni't
sinomang wala, pati ng nasa kaniya ay aalisin sa kaniya. 13
Kaya't sila'y pinagsasalitaan ko sa mga talinghaga; sapagka't
nagsisitingin ay hindi sila nangakakakita, at nangakikinig ay
hindi sila nangakakarinig, ni hindi sila nangakakaunawa.
14 At natutupad sa kanila ang hula ni Isaias, na sinasabi,
Sa pakikinig ay inyong maririnig, at sa anomang paraa'y

hindi ninyo mapaguunawa; At sa pagtingin ay inyong
makikita, at sa anomang paraa'y hindi ninyo mamamalas: 15
Sapagka't kumapal ang puso ng bayang ito, At mahirap na
mangakarinig ang kanilang mga tainga, At kanilang ipinikit
ang kanilang mga mata; Baka sila'y mangakakita ng kanilang
mga mata, At mangakarinig ng kanilang mga tainga, At
mangakaunawa ng kanilang puso, At muling mangagbalik
loob, At sila'y aking pagalingin. 16 Datapuwa't mapapalad
ang inyong mga mata, sapagka't nangakakakita; at ang
iyong mga tainga, sapagka't nangakakarinig. 17 Sapagka't
katotohanang sinasabi ko sa inyo, na hinangad na makita ng
maraming propeta at ng mga taong matuwid ang inyong
nakikita, at hindi nila nakita; at marinig ang inyong naririnig,
at hindi nila narinig. 18 Pakinggan nga ninyo ang talinghaga
tungkol sa manghahasik. 19 Kung ang sinoman ay nakikinig
ng salita ng kaharian, at ito'y hindi niya napaguunawa,
ay pinaroroonan ng masama, at inaagaw ang nahasik sa
kaniyang puso. Ito yaong nahasik sa tabi ng daan. 20 At
ang nahasik sa mga batuhan, ay yaong nakikinig ng salita,
at pagdaka'y tinatanggap ito ng buong galak; 21 Gayon
ma'y wala siyang ugat sa kaniyang sarili, kundi sangdaling
tumatagal; at pagdating ng kapighatian o pag-uusig dahil sa
salita, ay pagdaka'y natitisod siya. 22 At ang nahasik sa
mga dawagan, ay yaong dumirinig ng salita; nguni't ang
pagsusumakit na ukol sa sanglibutan, at ang daya ng mga
kayamanan, ay siyang umiinis sa salita, at yao'y nagiging
walang bunga. (aiōn g165) 23 At ang nahasik sa mabuting
lupa, ay siyang dumirinig, at nakauunawa ng salita; na siyang
katotohanang nagbubunga, ang ila'y tigisang daan, ang ila'y
tigaanim na pu, at ang ila'y tigtatatlongpu. 24 Sinaysay niya
sa kanila ang ibang talinghaga, na sinasabi, Ang kaharian
ng langit ay tulad sa isang taong naghasik ng mabuting binhi
sa kaniyang bukid: 25 Datapuwa't samantalang nangatutulog
ang mga tao, ay dumating ang kaniyang kaaway at naghasik
naman ng mga pangsirang damo sa pagitan ng trigo,
at umalis. 26 Datapuwa't nang sumibol ang usbong at
mamunga, ay lumitaw nga rin ang mga pangsirang damo. 27
At ang mga alipin ng puno ng sangbahayan ay nagsiparoon
at nangagsabi sa kaniya, Ginoo, hindi baga naghasik ka
ng mabuting binhi sa iyong bukid? saan kaya nangagmula
ang mga pangsirang damo? 28 At sinabi niya sa kanila,
Isang kaaway ang gumawa nito. At sinabi sa kaniya ng mga
alipin, Ibig mo baga na kami nga'y magsiparoon at ang mga
yao'y pagtipunin? 29 Datapuwa't sinabi niya, Huwag; baka
sa pagtitipon ninyo ng mga pangsirang damo, ay inyong
mabunot pati ng trigo. 30 Pabayaan ninyong magsitubo
kapuwa hanggang sa panahon ng pagaani: at sa panahon
ng pagaani ay sasabihin ko sa mga mangaani, Tipunin muna
ninyo ang mga pangsirang damo, at inyong pagbibigkisin
upang sunugin; datapuwa't tipunin ninyo ang trigo sa aking
bangan. 31 Sinaysay niya sa kanila ang ibang talinghaga, na
sinasabi, Ang kaharian ng langit ay tulad sa isang butil ng
binhi ng mostasa, na kinuha ng isang tao, at inihasik sa
kaniyang bukid: 32 Na siya ngang lalong maliit sa lahat ng
mga binhi; datapuwa't nang tumubo, ay lalong malaki kay sa
mga gulay, at nagiging punong kahoy, ano pa't nagsisiparoon
ang mga ibon sa langit at sumisilong sa kaniyang mga
sanga. 33 Sinalita niya sa kanila ang ibang talinghaga: Ang
kaharian ng langit ay tulad sa lebadura, na kinuha ng isang
babae, at itinago sa tatlong takal na harina, hanggang sa
ito'y nalebadurahang lahat. 34 Lahat ng mga bagay na ito'y
sinabi ni Jesus sa mga karamihan sa mga talinghaga; at
kung hindi sa talinghaga ay hindi niya sila kinakausap: 35
Upang matupad ang sinalita sa pamamagitan ng propeta, na
nagsasabi, Bubukhin ko ang aking bibig sa mga talinghaga;
Sasaysayin ko ang mga natatagong bagay buhat nang
itatag ang sanglibutan. 36 Nang magkagayon ay iniwan niya
ang mga karamihan, at pumasok sa bahay: at sa kaniya'y
nagsilapit ang kaniyang mga alagad, na nagsisipagsabi,
Ipaliwanag mo sa amin ang talinghaga tungkol sa mga
pangsirang damo sa bukid. 37 At siya'y sumagot at nagsabi,
Ang naghahasik ng mabuting binhi ay ang Anak ng tao; 38
At ang bukid ay ang sanglibutan; at ang mabuting binhi,
ay ito ang mga anak ng kaharian: at ang mga pangsirang
damo ay ang mga anak ng masama; 39 At ang kaaway
na naghasik ng mga ito ay ang diablo: at ang pagaani ay
ang katapusan ng sanglibutan; at ang mga mangaani ay
ang mga anghel. (aiōn g165) 40 Kung paano ang pagtipon
sa mga pangsirang damo at pagsunog sa apoy; gayon din
ang mangyayari sa katapusan ng sanglibutan. (aiōn g165)
41 Susuguin ng Anak ng tao ang kaniyang mga anghel, at
kanilang titipunin sa labas ng kaniyang kaharian ang lahat
ng mga bagay na nangakapagpapatisod, at ang nagsisigawa
ng katampalasanan, 42 At sila'y igagatong sa kalan ng apoy:
diyan na nga ang pagtangis at ang pagngangalit ng mga
ngipin. 43 Kung magkagayo'y mangagliliwanag ang mga
matuwid na katulad ng araw sa kaharian ng kanilang Ama.
Ang may mga pakinig, ay makinig. 44 Tulad ang kaharian ng
langit sa natatagong kayamanan sa bukid; na nasumpungan
ng isang tao, at inilihim; at sa kaniyang kagalaka'y yumaon
at ipinagbili ang lahat niyang tinatangkilik, at binili ang bukid
na yaon. 45 Gayon din naman, ang kaharian ng langit
ay katulad ng isang taong nangangalakal na humahanap
ng magagandang perlas: 46 At pagkasumpong ng isang
mahalagang perlas, ay yumaon siya at ipinagbili ang lahat
niyang tinatangkilik, at binili yaon. 47 Tulad din naman ang
kaharian ng langit sa isang lambat, na inihulog sa dagat,
na nakahuli ng sarisaring isda: 48 Na, nang mapuno, ay

hinila nila sa pampang; at sila'y nagsiupo, at tinipon sa mga
sisidlan ang mabubuti, datapuwa't itinapon ang masasama.
**49** Gayon din ang mangyayari sa katapusan ng sanglibutan:
lalabas ang mga anghel, at ihihiwalay ang masasama sa
matutuwid, **(aiōn g165)** **50** At sila'y igagatong sa kalan ng apoy:
diyan na nga ang pagtangis at ang pagngangalit ng mga
ngipin. **51** Napagunawa baga ninyo ang lahat ng mga bagay
na ito? Sinabi nila sa kaniya, Oo. **52** At sinabi niya sa kanila,
Kaya't ang bawa't eskriba na ginagawang alagad sa kaharian
ng langit ay tulad sa isang taong puno ng sangbahayan, na
naglalabas sa kaniyang kayamanan ng mga bagay na bago
at luma. **53** At nangyari, na nang matapos ni Jesus ang
mga talinghagang ito, ay umalis siya doon. **54** At pagdating
sa kaniyang sariling lupain, ay kaniyang tinuruan sila sa
kanilang sinagoga, ano pa't sila'y nangagtaka, at nangagsabi,
Saan kumuha ang taong ito ng ganitong karunungan, at ng
ganitong mga makapangyarihang gawa? **55** Hindi baga ito
ang anak ng anluwagi? hindi baga tinatawag na Maria ang
kaniyang ina? at Santiago, at Jose, at Simon, at Judas ang
kaniyang mga kapatid? **56** At ang kaniyang mga kapatid na
babae, hindi baga silang lahat ay nanga sa atin? Saan nga
kumuha ang taong ito ng lahat ng ganitong mga bagay?
**57** At siya'y kinatisuran nila. Datapuwa't sinabi sa kanila
ni Jesus, Walang propeta na di may kapurihan, liban sa
kaniyang sariling lupain, at sa kaniyang sariling bahay. **58** At
siya'y hindi gumawa roon ng maraming makapangyarihang
gawa dahil sa kawalan nila ng pananampalataya.

**14** Nang panahong yao'y narinig ni Herodes na tetrarka
ang balita tungkol kay Jesus, **2** At sinabi sa kaniyang
mga tagapaglingkod, Ito'y si Juan Bautista; siya'y muling
nagbangon sa mga patay; kaya't ang mga kapangyarihang
ito ay nagsisigawa sa kaniya. **3** Sapagka't hinuli ni Herodes
si Juan, at siya'y iginapos, at inilagay sa bilangguan dahil
kay Herodias, na asawa ni Felipe na kaniyang kapatid. **4**
Sapagka't sinabi ni Juan sa kaniya, Hindi matuwid sa iyo
na aariin mo siya. **5** At nang ibig niyang ipapatay siya,
ay natakot siya sa karamihan, sapagka't siya'y kanilang
ibinibilang na propeta. **6** Datapuwa't nang dumating ang
araw na kapanganakan kay Herodes, ay sumayaw sa gitna
ang anak na babae ni Herodias, at kinalugdan ni Herodes.
**7** Dahil dito'y kaniyang ipinangakong may sumpa na sa
kaniya'y ibibigay ang anomang hingin niya. **8** At siya, na
inudyukan ng kaniyang ina, ay nagsabi, Ibigay mo sa akin
dito na nasa isang pinggan ang ulo ni Juan Bautista. **9** At
namanglaw ang hari; datapuwa't dahil sa kaniyang mga
sumpa, at sa nangakaupong kasalo niya sa dulang, ay
ipinagutos niyang ibigay na sa kaniya; **10** At nagutos siya at
pinugutan ng ulo si Juan sa bilangguan. **11** At dinala ang
kaniyang ulo na nasa isang pinggan, at ibinigay sa dalaga:
at dinala nito sa kaniyang ina. **12** At ang kaniyang mga
alagad ay nagsiparoon, at kanilang binuhat ang bangkay, at
kanilang inilibing; at sila'y nagsialis at isinaysay kay Jesus.
**13** Nang marinig nga ito ni Jesus, ay lumigpit sila mula roon,
sa isang daong na nasa isang dakong ilang na bukod: at
nang mabalitaan ito ng mga karamihan, ay nangaglakad
sila na sumunod sa kaniya mula sa mga bayan. **14** At
siya'y lumabas, at nakita ang isang malaking karamihan, at
nahabag siya sa kanila, at pinagaling niya ang sa kanila'y
mga may sakit. **15** At nang nagtatakipsilim na, ay nagsilapit
sa kaniya ang kaniyang mga alagad, na nangagsasabi,
Ilang ang dakong ito, at lampas na sa panahon; paalisin
mo na ang mga karamihan, upang sila'y magsiparoon sa
mga nayon, at sila'y mangakabili ng kanilang makakain. **16**
Datapuwa't sinabi sa kanila ni Jesus, Hindi kailangang sila'y
magsialis; bigyan ninyo sila ng makakain. **17** At sinasabi nila
sa kaniya, Wala tayo rito kundi limang tinapay at dalawang
isda. **18** At sinabi niya, Dalhin ninyo rito sa akin. **19** At
ipinagutos niya sa mga karamihan na sila'y magsiupo sa
damuhan; at kinuha niya ang limang tinapay at ang dalawang
isda, at pagtingala sa langit, ay kaniyang pinagpala, at
pinagputolputol at ibinigay ang mga tinapay sa mga alagad,
at ibinigay naman ng mga alagad sa mga karamihan. **20** At
nagsikain silang lahat, at nangabusog: at kanilang pinulot
ang lumabis na pinagputolputol, na labingdalawang bakol
na puno. **21** At ang mga nagsikain ay may limang libong
lalake, bukod pa ang mga babae at ang mga bata. **22** At
pagdaka'y pinapagmadali niya ang kaniyang mga alagad na
magsilulan sa daong, at magsiuna sa kaniya sa kabilang
ibayo, hanggang pinayayaon niya ang mga karamihan. **23**
At pagkatapos na mapayaon niya ang mga karamihan, ay
umahon siyang bukod sa bundok upang manalangin: at
nang gumabi na, ay siya'y nagiisa doon. **24** Datapuwa't
ang daong ay nasa gitna na ng dagat, na hinahampas
ng mga alon; sapagka't pasalungat sa hangin. **25** At sa
ikaapat na pagpupuyat ng gabi ay naparoon siya sa kanila,
na lumalakad sa ibabaw ng dagat. **26** At nang makita
siya ng mga alagad na lumalakad sa ibabaw ng dagat, ay
nangagulumihanan sila, na nangagsasabi, Multo! at sila'y
nagsisigaw dahil sa takot. **27** Datapuwa't pagdaka'y nagsalita
sa kanila si Jesus, na nagsasabi, Laksan ninyo ang inyong
loob; ako nga: huwag kayong mangatakot. **28** At sumagot
sa kaniya si Pedro, at nagsabi, Panginoon, kung ikaw nga,
ay papariyanin mo ako sa iyo sa ibabaw ng tubig. **29** At
sinabi niya, Halika. At lumunsad si Pedro sa daong, at
lumakad sa ibabaw ng tubig upang pumaroon kay Jesus. **30**
Datapuwa't pagkakita niyang malakas ang hangin, ay natakot
siya, at nang siya'y malulubog, ay sumigaw, na nagsasabi,
Panginoon, iligtas mo ako. **31** At pagdaka'y iniunat ni Jesus

ang kaniyang kamay at hinawakan siya, at sa kaniya'y
sinabi, Oh ikaw na kakaunti ang pananampalataya, bakit ka
nagalinglangan? 32 At pagkalulan nila sa daong, ay humimpil
ang hangin. 33 At ang mga nasa daong ay nagsisamba
sa kaniya, na nangagsasabi, Tunay na ikaw ang Anak ng
Dios. 34 At nang makatawid na sila, ay narating nila ang
lupa ng Genezaret. 35 At nang siya'y makilala ng mga tao
sa dakong yaon, ay nangagpabalita sila sa palibotlibot ng
buong lupaing yaon, at sa kaniya'y dinala ang lahat ng mga
may sakit; 36 At ipinamamanhik nila sa kaniya na ipahipo
man lamang sa kanila ang laylayan ng kaniyang damit: at
ang lahat ng nangagsihipo ay pawang nagsigaling.

**15** Nang magkagayo'y nagsilapit kay Jesus na mula sa
Jerusalem ang mga Fariseo at ang mga eskriba,
na nagsisipagsabi, 2 Bakit ang iyong mga alagad ay
nagsisilabag sa sali't-saling sabi ng matatanda? sapagka't
hindi sila nangaghuhugas ng kanilang mga kamay pagka
nagsisikain sila ng tinapay. 3 At siya'y sumagot at sinabi sa
kanila, Bakit naman kayo'y nagsisilabag sa utos ng Dios
dahil sa inyong sali't-saling sabi? 4 Sapagka't sinabi ng
Dios, Igalang mo ang iyong ama at ang iyong ina: at, Ang
manungayaw sa ama at sa ina, ay mamatay siyang walang
pagsala. 5 Datapuwa't sinasabi ninyo, Sinomang magsabi
sa kaniyang ama o sa kaniyang ina, Yaong mangyayaring
pakinabangan mo sa akin ay hain ko na sa Dios: 6 Ay
hindi niya igagalang ang kaniyang ama. At niwalan ninyong
kabuluhan ang salita ng Dios dahil sa inyong sali't-saling sabi.
7 Kayong mga mapagpaimbabaw, mabuti ang pagkahula sa
inyo ni Isaias, na nagsasabi, 8 Ang bayang ito'y iginagalang
ako ng kanilang mga labi; Datapuwa't ang kanilang puso
ay malayo sa akin. 9 Datapuwa't walang kabuluhan ang
pagsamba nila sa akin, Na nagtuturo ng kanilang pinakaaral
ang mga utos ng mga tao. 10 At pinalapit niya sa kaniya
ang karamihan, at sa kanila'y sinabi, Pakinggan ninyo, at
unawain. 11 Hindi ang pumapasok sa bibig ang siyang
nakakahawa sa tao; kundi ang lumalabas sa bibig, ito
ang nakakahawa sa tao. 12 Nang magkagayo'y nagsilapit
ang mga alagad, at sa kaniya'y sinabi, Nalalaman mo
bagang nangagdamdam ang mga Fariseo, pagkarinig nila
ng pananalitang ito? 13 Datapuwa't sumagot siya at sinabi,
Ang bawa't halamang hindi itinanim ng aking Ama na nasa
kalangitan, ay bubunutin. 14 Pabayaan ninyo sila: sila'y mga
bulag na tagaakay. At kung ang bulag ay umakay sa bulag,
ay kapuwa sila mangahuhulog sa hukay. 15 At sumagot
si Pedro, at sinabi sa kaniya, Ipaliwanag mo sa amin ang
talinghaga. 16 At sinabi niya, Kayo baga nama'y wala pa
ring pagiisip? 17 Hindi pa baga ninyo nalalaman, na ang
anomang pumapasok sa bibig ay tumutuloy sa tiyan, at
inilalabas sa daanan ng dumi? 18 Datapuwa't ang mga
bagay na lumalabas sa bibig ay sa puso nanggagaling;
at siyang nangakakahawa sa tao. 19 Sapagka't sa puso
nanggagaling ang masasamang pagiisip, mga pagpatay, mga
pangangalunya, pakikiapid, mga pagnanakaw, mga pagsaksi
sa di katotohanan, mga pamumusong: 20 Ito ang mga bagay
na nangakakahawa sa tao; datapuwa't ang kumaing hindi
maghugas ng mga kamay ay hindi makakahawa sa tao.
21 At umalis doon si Jesus, at lumigpit sa mga sakop ng
Tiro at Sidon. 22 At narito, ang isang babaing Cananea
na lumabas sa mga hangganang yaon, at nagsisigaw, na
nagsasabi, Kahabagan mo ako, Oh Panginoon, ikaw na
Anak ni David; ang aking anak na babae ay pinahihirapang
lubha ng isang demonio. 23 Datapuwa't siya'y hindi sumagot
ng anomang salita sa kaniya. At nilapitan siya ng kaniyang
mga alagad at siya'y pinamanhikan, na nangagsasabi,
Paalisin mo siya; sapagka't nagsisisigaw siya sa ating
hulihan. 24 Datapuwa't siya'y sumagot at sinabi, Hindi
ako sinugo kundi sa mga tupang nangaligaw sa bahay ni
Israel. 25 Datapuwa't lumapit siya at siya'y sinamba niya,
na nagsasabi, Panginoon, saklolohan mo ako. 26 At siya'y
sumagot at sinabi, Hindi marapat na kunin ang tinapay sa
mga anak at itapon sa mga aso. 27 Datapuwa't sinabi niya,
Oo, Panginoon: sapagka't ang mga aso man ay nagsisikain
ng mga mumo na nangalalaglag mula sa dulang ng kanilang
mga panginoon. 28 Nang magkagayo'y sumagot si Jesus at
sinabi sa kaniya, Oh babae, malaki ang pananampalataya
mo: mangyari sa iyo ayon sa ibig mo. At gumaling ang
kaniyang anak mula sa oras na yaon. 29 At umalis si Jesus
doon, at naparoon sa tabi ng dagat ng Galilea; at umahon
sa bundok, at naupo doon. 30 At lumapit sa kaniya ang
lubhang maraming tao, na may mga pilay, mga bulag, mga
pipi, mga pingkaw, at iba pang marami, at sila'y kanilang
inilagay sa kaniyang mga paanan; at sila'y pinagaling niya:
31 Ano pa't nangagtaka ang karamihan, nang mangakita
nilang nangagsasalita ang mga pipi, nagsisigaling ang mga
pingkaw, at nagsisilakad ang mga pilay, at nangakakakita
ang mga bulag: at kanilang niluwalhati ang Dios ng Israel. 32
At pinalapit ni Jesus sa kaniya ang kaniyang mga alagad, at
sinabi, Nahahabag ako sa karamihan, sapagka't tatlong araw
nang sila'y nagsisipanatili sa akin at wala silang makain:
at di ko ibig na sila'y paalising nangagaayuno, baka sila'y
manganglupaypay sa daan. 33 At sa kaniya'y sinabi ng mga
alagad, Saan tayo mangakakakuha rito sa ilang ng sapat
na daming tinapay na makabubusog sa ganyang lubhang
napakaraming tao? 34 At sinabi ni Jesus sa kanila, Ilang
tinapay mayroon kayo? At sinabi nila, Pito, at ilang maliliit na
isda. 35 At iniutos niya sa karamihan na magsiupo sa lupa;
36 At kinuha niya ang pitong tinapay at ang mga isda; at
siya'y nagpasalamat at pinagputolputol, at ibinigay sa mga

alagad, at ibinigay naman ng mga alagad sa mga karamihan.
37 At nagsikain silang lahat, at nangabusog: at pinulot nila
ang lumabis sa mga pinagputolputol, na pitong bakol na
puno. 38 At silang nagsikain ay apat na libong lalake, bukod
ang mga babae at mga bata. 39 At pinayaon niya ang mga
karamihan at lumulan sa daong, at napasa mga hangganan
ng Magdala.

16 At nagsilapit ang mga Fariseo at mga Saduceo, na
tinutukso siya na sa kaniya'y nagsisihiling na sila'y
pagpakitaan ng isang tanda na mula sa langit. 2 Datapuwa't
siya'y sumagot at sa kanila'y sinabi, Sa kinahapunan, ay
sinasabi ninyo, Bubuti ang panahon: sapagka't ang langit ay
mapula. 3 At sa umaga, Ngayo'y uunos: sapagka't mapula
at makulimlim ang langit. Kayo'y marurunong magsikilala
ng anyo ng langit; datapuwa't hindi ninyo mangakilala ang
mga tanda ng mga panahon. 4 Ang isang lahing masama
at mapangalunya ay humahanap ng tanda; at hindi siya
bibigyan ng anomang tanda, kundi ng tanda ni Jonas. At
sila'y iniwan niya, at yumaon. 5 At nagsidating ang mga
alagad sa kabilang ibayo at nangakalimot na mangagdala ng
tinapay. 6 At sinabi sa kanila ni Jesus, Kayo'y mangagingat
at magsipangilag sa lebadura ng mga Fariseo at mga
Saduceo. 7 At sila'y nangagkatuwiranan sa kanilang sarili,
na nagsasabi, Hindi tayo nangakapagbaon ng tinapay. 8 At
nang matalastas ni Jesus ay sinabi, Oh kayong kakaunti
ang pananampalataya, bakit kayo'y nangagbubulaybulay sa
inyong sarili, sapagka't wala kayong tinapay? 9 Hindi pa
baga ninyo natatalastas, at hindi ninyo naaalaala ang limang
tinapay sa limang libong lalake, at kung ilang bakol ang
inyong nailigpit? 10 Ni yaong pitong tinapay sa apat na libong
lalake, at kung ilang bakol ang inyong nailigpit? 11 Ano't hindi
ninyo napaguunawa na hindi ang sinabi ko sa inyo'y tungkol
sa tinapay? Datapuwa't kayo'y mangagingat sa lebadura ng
mga Fariseo at ng mga Saduceo. 12 Nang magkagayo'y
kanilang natalastas na sa kanila'y hindi ipinagutos na sila'y
magsipagingat sa lebadura ng tinapay, kundi sa mga aral ng
mga Fariseo at ng mga Saduceo. 13 Nang dumating nga
si Jesus sa mga sakop ng Cesarea ni Filipo, ay itinanong
niya sa kaniyang mga alagad, na sinasabi, Ano baga ang
sabi ng mga tao kung sino ang Anak ng tao? 14 At kanilang
sinabi, Anang ilan, Si Juan Bautista; ang ilan, Si Elias;
at ang mga iba, Si Jeremias, o isa sa mga propeta. 15
Kaniyang sinabi sa kanila, Datapuwa't, ano ang sabi ninyo
kung sino ako? 16 At sumagot si Simon Pedro at sinabi,
Ikaw ang Cristo, Ang anak ng Dios na buhay. 17 At sumagot
si Jesus at sa kaniya'y sinabi, Mapalad ka, Simon Bar-
Jonas: sapagka't hindi ipinahayag sa iyo ito ng laman at ng
dugo, kundi ng aking Ama na nasa langit. 18 At sinasabi ko
naman sa iyo, na ikaw ay Pedro, at sa ibabaw ng batong
ito ay itatayo ko ang aking iglesia; at ang mga pintuan ng
Hades ay hindi magsisipanaig laban sa kaniya. **(Hadēs g86)**
19 Ibibigay ko sa iyo ang mga susi ng kaharian ng langit:
at anomang iyong talian sa lupa ay tatalian sa langit; at
anomang iyong kalagan sa lupa ay kakalagan sa langit.
20 Nang magkagayo'y ipinagbilin niya sa mga alagad na
huwag sabihin kanino man na siya ang Cristo. 21 Mula
ng panahong yao'y nagpasimulang ipinakilala ni Jesus sa
kaniyang mga alagad, na kinakailangang siya'y pumaroon sa
Jerusalem, at magbata ng maraming bagay sa matatanda at
sa mga pangulong saserdote at sa mga eskriba, at siya'y
patayin, at muling ibangon sa ikatlong araw. 22 At isinama
siya ni Pedro, at nagpasimulang siya'y pinagwikaan, na
nagsasabi, Panginoon, malayo ito sa iyo: kailan man ay hindi
mangyayari ito sa iyo. 23 Datapuwa't lumingon siya, at sinabi
kay Pedro, Lumagay ka sa likuran ko, Satanas: ikaw ay tisod
sa akin: sapagka't hindi mo pinagiisip ang mga bagay ng
Dios, kundi ang mga bagay ng tao. 24 Nang magkagayo'y
sinabi ni Jesus sa kaniyang mga alagad, Kung ang sinomang
tao'y ibig sumunod sa akin ay tumanggi sa kaniyang sarili,
at pasanin ang kaniyang krus, at sumunod sa akin. 25
Sapagka't ang sinomang magibig iligtas ang kaniyang buhay
ay mawawalan nito: at ang sinomang mawalan ng kaniyang
buhay dahil sa akin ay makakasumpong niyaon. 26 Sapagka't
ano ang pakikinabangin ng tao, kung makamtan niya ang
buong sanglibutan at mawawalan siya ng kaniyang buhay? o
ano ang ibibigay ng tao na katumbas sa kaniyang buhay? 27
Sapagka't ang Anak ng tao ay pariritong nasa kaluwalhatian
ng kaniyang Ama na kasama ang kaniyang mga anghel; at
kung magkagayo'y bibigyan ang bawa't tao ayon sa kaniyang
mga gawa. 28 Katotohanang sinasabi ko sa inyo, May ilan sa
nangakatayo rito, na hindi matitikman sa anomang paraan
ang kamatayan, hanggang sa kanilang makita ang Anak ng
tao na pumaparito sa kaniyang kaharian.

17 At pagkaraan ng anim na araw, ay isinama ni Jesus
si Pedro, at si Santiago, at si Juan na kapatid niya,
at sila'y dinalang bukod sa isang mataas na bundok: 2
At nagbagong-anyo siya sa harap nila; at nagliwanag ang
kaniyang mukha na katulad ng araw, at pumuting tulad
sa ilaw ang kaniyang mga damit. 3 At narito, napakita sa
kanila si Moises at si Elias na nakikipagusap sa kaniya. 4 At
sumagot si Pedro, at sinabi kay Jesus, Panginoon, mabuti sa
atin ang tayo'y dumito: kung ibig mo, ay gagawa ako rito ng
tatlong tabernakulo; isa ang sa iyo, at isa ang kay Moises, at
isa ang kay Elias. 5 Samantalang nagsasalita pa siya, narito,
ang isang maningning na alapaap ay lumilim sa kanila: at
narito, ang isang tinig na mula sa alapaap, na nagsasabi,
Ito ang sinisinta kong Anak, na siya kong kinalulugdan;
siya ang inyong pakinggan. 6 At nang marinig ito ng mga

alagad, ay nangasubasub sila, at lubhang nangatakot. **7** At
lumapit si Jesus at sila'y tinapik, at sinabi, Mangagbangon
kayo, at huwag kayong mangatakot. **8** At sa paglingap ng
kanilang mga mata, ay wala silang nakitang sinoman, kundi
si Jesus lamang. **9** At habang sila'y nagsisibaba mula sa
bundok, ay iniutos sa kanila ni Jesus, na nagsasabi, Huwag
ninyong sabihin kanino mang tao ang pangitain, hanggang
sa ang Anak ng tao ay ibangon sa mga patay. **10** At tinanong
siya ng kaniyang mga alagad, na nangagsasabi, Bakit nga
sinasabi ng mga eskriba na kinakailangang pumarito muna
si Elias? **11** At sumagot siya, at sinabi, Katotohanang si
Elias ay paririto, at isasauli ang lahat ng mga bagay: **12**
Datapuwa't sinasabi ko sa inyo, na naparito na si Elias, at
hindi nila siya nakilala, kundi ginawa nila sa kaniya ang
anomang kanilang inibig. Gayon din naman ang Anak ng tao
ay magbabata sa kanila. **13** Nang magkagayo'y napagunawa
ng mga alagad na si Juan Bautista ang sa kanila'y sinasabi
niya. **14** At pagdating nila sa karamihan, ay lumapit sa kaniya
ang isang lalake, na sa kaniya'y lumuhod, at nagsasabi, **15**
Panginoon, mahabag ka sa aking anak na lalake: sapagka't
siya'y himatayin, at lubhang naghihirap; sapagka't madalas
na siya'y nagsusugba sa apoy, at madalas sa tubig. **16**
At siya'y dinala ko sa iyong mga alagad, at hindi nila siya
mapagaling. **17** At sumagot si Jesus at sinabi, Oh lahing
walang pananampalataya at taksil, hanggang kailan titiisin
ko kayo? dalhin ninyo siya rito sa akin. **18** At pinagwikaan
siya ni Jesus; at ang demonio ay lumabas sa kaniya: at
ang bata'y gumaling mula nang oras ding yaon. **19** Nang
magkagayo'y nagsilapit na bukod ang mga alagad kay
Jesus, at nangagsabi, Bakit baga hindi namin napalabas
yaon? **20** At sinabi niya sa kanila, Dahil sa kakauntian ng
inyong pananampalataya: sapagka't katotohanang sinasabi
ko sa inyo, Kung magkaroon kayo ng pananampalataya na
kasinglaki ng butil ng binhi ng mostasa, ay masasabi ninyo
sa bundok na ito, Lumipat ka mula rito hanggang doon; at
ito'y lilipat; at sa inyo'y hindi may pangyayari. **21** Datapuwa't
ang ganito'y hindi lumalabas kundi sa pamamagitan ng
panalangin at ayuno. **22** At samantalang sila'y nangakahimpil
sa Galilea, ay sinabi sa kanila ni Jesus, Ang Anak ng tao ay
ibibigay sa mga kamay ng mga tao; **23** At siya'y papatayin
nila, at sa ikatlong araw ay siya'y muling ibabangon. At sila'y
lubhang nangamanglaw, **24** At pagdating nila sa Capernaum,
ay nangagsilapit kay Pedro ang mga maniningil ng kalahating
siklo, at nangagsabi, Hindi baga pinagbabayaran ng inyong
guro ang kalahating siklo? **25** Sinabi niya, Oo. At nang
pumasok siya sa bahay, ay pinangunahan siya ni Jesus, na
nagsasabi, Anong akala mo, Simon? ang mga hari sa lupa,
kanino baga sila nanganiningil ng kabayaran ng buwis? sa
kanilang mga anak baga o sa nangaiiba? **26** At nang sabihin
niya, Sa nangaiiba, ay sinabi sa kaniya ni Jesus, Kung gayo'y
hindi nangagbabayad ang mga anak. **27** Datapuwa't, baka
katisuran tayo nila, ay pumaroon ka sa dagat, at ihulog mo
ang kawil, at kunin mo ang unang isdang lumitaw; at pagka
naibuka mo na ang kaniyang bibig, ay masusumpungan mo
ang isang siklo: kunin mo, at ibigay mo sa kanila sa ganang
akin at sa iyo.

**18** Nang oras na yaon ay nagsilapit ang mga alagad
kay Jesus, na nangagsasabi, Sino nga baga ang
pinakadakila sa kaharian ng langit? **2** At pinalapit niya sa
kaniya ang isang maliit na bata, at inilagay sa gitna nila,
**3** At sinabi, Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Malibang
kayo'y magsipanumbalik, at maging tulad sa maliliit na
bata, sa anomang paraan ay hindi kayo magsisipasok sa
kaharian ng langit. **4** Sinoman ngang magpakababa na
gaya ng maliit na batang ito, ay siyang pinakadakila sa
kaharian ng langit. **5** At sinomang tumanggap sa isa sa
ganitong maliit na bata sa aking pangalan ay ako ang
tinanggap: **6** Datapuwa't sinomang magbigay ng ikatitisod
sa isa sa maliliit na ito na nagsisisampalataya sa akin, ay
may pakikinabangin pa siya kung bitinan ang kaniyang
leeg ng isang malaking batong gilingan, at siya'y ilubog
sa kalaliman ng dagat. **7** Sa aba ng sanglibutan dahil sa
mga kadahilanan ng pagkatisod! sapagka't kinakailangang
dumating ang mga kadahilanan; datapuwa't sa aba ng taong
yaong panggalingan ng kadahilanan! **8** At kung ang kamay
mo o ang paa mo ay makapagpapatisod sa iyo, ay putulin
mo, at iyong itapon: mabuti pa sa iyo ang pumasok sa buhay
na pingkaw o pilay, kay sa may dalawang kamay o dalawang
paa na ibulid ka sa apoy na walang hanggan. **(aiōnios g166)** **9**
At kung ang mata mo ang makapagpapatisod sa iyo, ay
dukitin mo, at iyong itapon: mabuti pa sa iyo ang pumasok
sa buhay na iisa ang mata, kay sa may dalawang mata na
ibulid ka sa apoy ng impierno. **(Geenna g1067)** **10** Ingatan ninyo
na huwag ninyong pawalang halaga ang isa sa maliliit na ito:
sapagka't sinasabi ko sa inyo, na ang kanilang mga anghel
sa langit ay nangakakakitang palagi ng mukha ng aking Ama
na nasa langit. **11** Sapagka't ang Anak ng tao ay naparito
upang iligtas ang nawala. **12** Ano ang akala ninyo? kung ang
isang tao ay may isang daang tupa, at maligaw ang isa sa
mga yaon, hindi baga iiwan niya ang siyam na pu't siyam, at
pasasa kabundukan, at hahanapin ang naligaw? **13** At kung
mangyaring masumpungan niya, ay katotohanang sinasabi
ko sa inyo, na magagalak ng higit dahil dito kay sa siyam na
pu't siyam na hindi nangaligaw. **14** Gayon din na hindi nga
kalooban ng inyong Amang nasa langit, na ang isa sa maliliit
na ito ay mapahamak. **15** At kung magkasala laban sa iyo
ang kapatid mo, pumaroon ka, at ipakilala mo sa kaniya
ang kaniyang kasalanan na ikaw at siyang magisa: kung

ikaw ay pakinggan niya, ay nagwagi ka sa iyong kapatid. 16
Datapuwa't kung hindi ka niya pakinggan, ay magsama ka
pa ng isa o dalawa, upang sa bibig ng dalawang saksi o tatlo
ay mapagtibay ang bawa't salita. 17 At kung ayaw niyang
pakinggan sila, ay sabihin mo sa iglesia: at kung ayaw
rin niyang pakinggan ang iglesia, ay ipalagay mo siyang
tulad sa Gentil at maniningil ng buwis. 18 Katotohanang
sinasabi ko sa inyo, na ang lahat ng mga bagay na inyong
talian sa lupa ay tatalian sa langit: at ang lahat ng mga
bagay na inyong kalagan sa lupa ay kakalagan sa langit.
19 Muling sinasabi ko sa inyo, na kung pagkasunduan ng
dalawa sa inyo sa lupa ang nauukol sa anomang bagay
na kanilang hihingin, ay gagawin sa kanila ng aking Ama
na nasa langit. 20 Sapagka't kung saan nagkakatipon
ang dalawa o tatlo sa aking pangalan, ay naroroon ako
sa gitna nila. 21 Nang magkagayo'y lumapit si Pedro at
sinabi sa kaniya, Panginoon, makailang magkakasala ang
aking kapatid laban sa akin na siya'y aking patatawarin?
hanggang sa makapito? 22 Sinabi sa kaniya ni Jesus, Hindi
ko sinasabi sa iyo, Hanggang sa makapito; kundi, Hanggang
sa makapitongpung pito. 23 Kaya't ang kaharian ng langit ay
tulad sa isang hari, na nagibig na makipagusap sa kaniyang
mga alipin. 24 At nang siya'y magpasimulang makipaghusay,
ay iniharap sa kaniya ang isa sa kaniya'y may utang na
sangpung libong talento. 25 Datapuwa't palibhasa'y wala
siyang sukat ibayad, ipinagutos ng kaniyang panginoon na
siya'y ipagbili, at ang kaniyang asawa't mga anak, at ang
lahat niyang tinatangkilik, at nang makabayad. 26 Dahil
dito ang alipin ay nagpatirapa at sumamba sa kaniya, na
nagsasabi, Panginoon, pagtiisan mo ako, at pagbabayaran
ko sa iyong lahat. 27 At sa habag ng panginoon sa aliping
yaon, ay pinawalan siya, at ipinatawad sa kaniya ang utang.
28 Datapuwa't lumabas ang aliping yaon, at nasumpungan
ang isa sa mga kapuwa niya alipin, na sa kaniya'y may
utang na isang daang denario: at kaniyang hinawakan
siya, at sinakal niya, na sinasabi, Bayaran mo ang utang
mo. 29 Kaya't nagpatirapa ang kaniyang kapuwa alipin at
namanhik sa kaniya, na nagsasabi, Pagtiisan mo ako, at
ikaw ay pagbabayaran ko. 30 At siya'y ayaw: at yumaon at
siya'y ipinabilanggo hanggang sa magbayad siya ng utang.
31 Nang makita nga ng kaniyang mga kapuwa alipin ang
nangyari, ay nangamanglaw silang lubha, at nagsiparoon at
isinaysay sa kanilang panginoon ang lahat ng nangyari. 32
Nang magkagayo'y pinalapit siya ng kaniyang panginoon, at
sa kaniya'y sinabi, Ikaw na aliping masama, ipinatawad ko
sa iyo ang lahat ng utang na yaon, sapagka't ipinamanhik
mo sa akin: 33 Hindi baga dapat na ikaw naman ay mahabag
sa iyong kapuwa alipin, na gaya ko namang nahabag sa
iyo? 34 At nagalit ang kaniyang panginoon, at ibinigay siya
sa mga tagapagpahirap, hanggang sa siya'y magbayad ng
lahat ng utang. 35 Gayon din naman ang gagawin sa inyo ng
aking Ama na nasa kalangitan, kung hindi ninyo patatawarin
sa inyong mga puso, ng bawa't isa ang kaniyang kapatid.

**19** At nangyari na nang matapos ni Jesus ang mga
salitang ito, ay umalis siya sa Galilea at napasa
mga hangganan ng Judea sa dako pa roon ng Jordan; 2
At nagsisunod sa kaniya ang lubhang maraming tao, at
sila'y pinagaling niya doon. 3 At nagsilapit sa kaniya ang
mga Fariseo, na siya'y tinutukso nila, at kanilang sinasabi,
Naaayon baga sa kautusan na ihiwalay ng isang lalake ang
kaniyang asawa sa bawa't kadahilanan? 4 At siya'y sumagot
at sinabi, Hindi baga ninyo nabasa, na ang lumalang sa
kanila buhat sa pasimula, ay sila'y nilalang niya na lalake
at babae, 5 At sinabi, Dahil dito'y iiwan ng lalake ang
kaniyang ama at ina, at makikisama sa kaniyang asawa; at
ang dalawa ay magiging isang laman? 6 Kaya nga hindi
na sila dalawa, kundi isang laman. Ang pinapagsama nga
ng Dios, ay huwag papaghiwalayin ng tao. 7 Sinabi nila
sa kaniya, Bakit nga ipinagutos ni Moises na magbigay
ng kasulatan sa paghihiwalay, at ihiwalay ang babae? 8
Sinabi niya sa kanila, Dahil sa katigasan ng inyong puso
ay ipinaubaya sa inyo ni Moises na inyong hiwalayan ang
inyong mga asawa: datapuwa't buhat sa pasimula ay hindi
gayon. 9 At sinasabi ko sa inyo, Sinomang ihiwalay ang
kaniyang asawang babae, liban na kung sa pakikiapid, at
magasawa sa iba, ay nagkakasala ng pangangalunya: at ang
magasawa sa babaing yaon na hiniwalayan ay nagkakasala
ng pangangalunya. 10 Ang mga alagad ay nangagsasabi sa
kaniya, Kung ganyan ang kalagayan ng lalake sa kaniyang
asawa, ay hindi nararapat magasawa. 11 Datapuwa't sinabi
niya sa kanila, Hindi matatanggap ng lahat ng mga tao
ang pananalitang ito, kundi niyaong mga pinagkalooban.
12 Sapagka't may mga bating, na ipinanganak na gayon
mula sa tiyan ng kanilang mga ina: at may mga bating,
na ginagawang bating ng mga tao: at may mga bating, na
nangagpapakabating sa kanilang sarili dahil sa kaharian ng
langit. Ang makakatanggap nito, ay pabayaang tumanggap.
13 Nang magkagayon ay dinala sa kaniya ang maliliit na
bata, upang ipatong niya ang kaniyang mga kamay sa
kanila, at ipanalangin: at sinaway sila ng mga alagad. 14
Datapuwa't sinabi ni Jesus, Pabayaan ninyo ang maliliit na
bata, at huwag ninyong pagbawalan silang magsilapit sa
akin: sapagka't sa mga ganito ang kaharian ng langit. 15 At
ipinatong niya ang kaniyang mga kamay sa kanila, at umalis
doon. 16 At narito, lumapit sa kaniya ang isa, at nagsabi,
Guro, ano ang mabuting bagay na gagawin ko upang ako'y
magkaroon ng buhay na walang hanggan? **(aiōnios g166)** 17
At sinabi niya sa kaniya, Bakit mo itinatanong sa akin ang

tungkol sa mabuti? May isa, na siyang mabuti: datapuwa't
kung ibig mong pumasok sa buhay, ingatan mo ang mga
utos. **18** Sinabi niya sa kaniya, Alin-alin? At sinabi ni Jesus,
Huwag kang papatay, Huwag kang mangangalunya, Huwag
kang magnanakaw, Huwag sasaksi sa di katotohanan, **19**
Igalang mo ang iyong ama at ang iyong ina; at, Iibigin mo
ang iyong kapuwa na gaya ng iyong sarili. **20** Sinabi sa
kaniya ng binata, Ang lahat ng mga bagay na ito ay ginanap
ko: ano pa ang kulang sa akin? **21** Sinabi sa kaniya ni
Jesus, Kung ibig mong maging sakdal, humayo ka, ipagbili
mo ang tinatangkilik mo, at ibigay mo sa mga dukha, at
magkakaroon ka ng kayamanan sa langit: at pumarito ka,
sumunod ka sa akin. **22** Datapuwa't nang marinig ng binata
ang ganitong pananalita, ay yumaon siyang namamanglaw;
sapagka't siya'y isang may maraming pag-aari. **23** At sinabi
ni Jesus sa kaniyang mga alagad, Katotohanang sinasabi ko
sa inyo, Mahirap na makapasok ang isang taong mayaman
sa kaharian ng langit. **24** At muling sinasabi ko sa inyo,
Magaan pa sa isang kamelyo ang dumaan sa butas ng isang
karayom, kay sa isang taong mayaman ang pumasok sa
kaharian ng Dios. **25** At nang marinig ito ng mga alagad,
ay lubhang nangagtaka, na nagsisipagsabi, Sino nga kaya
ang makaliligtas? **26** At pagtingin ni Jesus ay sinabi sa
kanila, Hindi mangyayari ito sa mga tao; datapuwa't sa
Dios ang lahat ng mga bagay ay mangyayari. **27** Nang
magkagayo'y sumagot si Pedro at sinabi sa kaniya, Narito,
iniwan namin ang lahat, at nagsisunod sa iyo: ano nga
baga ang kakamtin namin? **28** At sinabi ni Jesus sa kanila,
Katotohanang sinasabi ko sa inyo, na kayong nagsisunod
sa akin, sa pagbabagong lahi pagka uupo na ang Anak ng
tao sa luklukan ng kaniyang kaluwalhatian, kayo nama'y
magsisiupo sa labingdalawang luklukan, upang magsihukom
sa labingdalawang angkan ng Israel. **29** At ang bawa't
magiwan ng mga bahay, o mga kapatid na lalake, o mga
kapatid na babae, o ama, o ina, o mga anak, o mga lupa,
dahil sa aking pangalan, ay tatanggap ng tigisang daan, at
magsisipagmana ng walang hanggang buhay. **(aiōnios g166)**
**30** Datapuwa't maraming mga una na mangahuhuli; at mga
huli na mangauuna.

**20** Sapagka't ang kaharian ng langit ay tulad sa isang tao
na puno ng sangbahayan, na lumabas pagkaumagang-
umaga, upang umupa ng manggagawa sa kaniyang ubasan.
**2** At nang makipagkasundo na siya sa mga manggagawa
sa isang denario sa bawa't araw, ay isinugo niya sila sa
kaniyang ubasan. **3** At siya'y lumabas nang malapit na
ang ikatlong oras, at nakita ang mga iba sa pamilihan na
nangakatayong walang ginagawa; **4** At sinabi niya sa kanila,
Magsiparoon din naman kayo sa ubasan, at bibigyan ko
kayo ng nasa katuwiran. At nagsiyaon ng kanilang lakad sa
ubasan. **5** Lumabas siyang muli nang malapit na ang mga
oras na ikaanim at ikasiyam, at gayon din ang ginawa. **6** At
lumabas siya nang malapit na ang ikalabingisang oras at
nakasumpong siya ng mga iba na nangakatayo; at sinabi
niya sa kanila, Bakit kayo'y nangakatayo rito sa buong
maghapon na walang ginagawa? **7** At sinabi nila sa kaniya,
Sapagka't sinoma'y walang umupa sa amin. Sinabi niya sa
kanila, Magsiparito din naman kayo sa ubasan. **8** At nang
dumating ang hapon, sinabi ng panginoon ng ubasan sa
kaniyang katiwala, Tawagin mo ang mga manggagawa, at
bayaran mo sila ng kaupahan sa kanila, na mula sa mga
huli hanggang sa mga una. **9** At paglapit ng mga inupahan
nang malapit na ang ikalabingisang oras ay tumanggap
bawa't tao ng isang denario. **10** At nang magsilapit ang
mga nauna, ang isip nila'y magsisitanggap sila ng higit; at
sila'y nagsitanggap din bawa't tao ng isang denario. **11** At
nang kanilang tanggapin ay nangagbulongbulong laban sa
puno ng sangbahayan, **12** Na nangagsasabi, Isa lamang
oras ang ginugol nitong mga huli, sila'y ipinantay mo sa
amin, na aming binata ang hirap sa maghapon at ang init
na nakasusunog. **13** Datapuwa't siya'y sumagot at sinabi
sa isa sa kanila, Kaibigan, hindi kita iniiring: hindi baga
nakipagkayari ka sa akin sa isang denario? **14** Kunin mo ang
ganang iyo, at humayo ka sa iyong lakad; ibig kong bigyan
itong huli, nang gaya rin sa iyo. **15** Hindi baga matuwid
sa aking gawin ang ibig ko sa aking pag-aari? o masama
ang mata mo, sapagka't ako'y mabuti? **16** Kaya't ang mga
una'y mangahuhuli, at ang mga huli ay mangauuna. **17**
Samantalang umaahon si Jesus, ay bukod niyang isinama
ang labingdalawang alagad, at sa daa'y sinabi niya sa kanila,
**18** Narito, nagsisiahon tayo sa Jerusalem; at ibibigay ang
Anak ng tao sa mga pangulong saserdote at sa mga eskriba;
at kanilang hahatulang siya'y patayin, **19** At ibibigay siya sa
mga Gentil upang siya'y kanilang alimurahin, at hampasin,
at ipako sa krus: at sa ikatlong araw siya'y ibabangon. **20**
Nang magkagayo'y lumapit sa kaniya ang ina ng mga anak
na lalake ni Zebedeo, na kasama ang kaniyang mga anak
na lalake na siya'y sinamba, at may hinihinging isang bagay
sa kaniya. **21** At sinabi niya sa kaniya, Ano ang ibig mo?
Sinabi niya sa kaniya, Ipagutos mo na itong aking dalawang
anak ay magsiupo, ang isa sa iyong kanan, at ang isa
sa iyong kaliwa, sa iyong kaharian. **22** Nguni't sumagot si
Jesus at sinabi, Hindi ninyo nalalaman ang inyong hinihingi.
Mangyayari bagang inuman ninyo ang sarong malapit nang
aking iinuman? Sa kaniya'y sinabi nila, Mangyayari. **23**
Sinabi niya sa kanila, Katotohanang iinuman ninyo ang
aking saro: datapuwa't ang maupo sa aking kanan, at sa
aking kaliwa, ay hindi sa akin ang pagbibigay; datapuwa't
yaon ay para sa kanila na mga pinaghandaan ng aking

Ama. 24 At nang marinig ito ng sangpu, ay nangagalit laban
sa dalawang magkapatid. 25 Datapuwa't sila'y pinalapit ni
Jesus sa kaniya, at sinabi, Nalaman ninyo na ang mga
pinuno ng mga Gentil ay nangapapapanginoon sa kanila, at
ang kanilang mga dakila ay nagsisigamit ng kapamahalaan
sa kanila. 26 Sa inyo'y hindi magkakagayon: kundi ang
sinomang magibig na dumakila sa inyo ay magiging lingkod
ninyo; 27 At sinomang magibig na maging una sa inyo
ay magiging alipin ninyo: 28 Gayon din naman ang Anak
ng tao ay hindi naparito upang paglingkuran, kundi upang
maglingkod, at ibigay ang kaniyang buhay na pangtubos sa
marami. 29 At nang sila'y magsialis sa Jerico, ay sumunod
sa kaniya ang lubhang maraming tao. 30 At narito, ang
dalawang lalaking bulag na nangakaupo sa tabi ng daan,
pagkarinig nilang nagdaraan si Jesus, ay nangagsisigaw, na
nagsisipagsabi, Panginoon, mahabag ka sa amin, ikaw na
Anak ni David. 31 At pinagwikaan sila ng karamihan, upang
sila'y magsitahimik: datapuwa't sila'y lalong nangagsisigaw,
na nagsisipagsabi, Panginoon, mahabag ka sa amin, ikaw
na Anak ni David. 32 At tumigil si Jesus, at sila'y tinawag, at
sinabi, Ano ang ibig ninyong gawin ko sa inyo? 33 Sinabi nila
sa kaniya, Panginoon, na mangadilat ang mga mata namin.
34 At si Jesus, sa pagkahabag, ay hinipo ang kanilang mga
mata, at pagdaka'y nagsitanggap sila ng kanilang paningin;
at nagsisunod sa kaniya.

**21** At nang malapit na sila sa Jerusalem, at magsidating
sa Betfage, sa bundok ng mga Olivo, ay nagsugo nga
si Jesus ng dalawang alagad, 2 Na sinasabi sa kanila,
Magsiparoon kayo sa nayong nasa tapat ninyo, at pagdaka'y
masusumpungan ninyo ang isang nakatali na babaing asno,
na may kasamang isang batang asno: kalagin ninyo, at
dalhin ninyo sa akin. 3 At kung ang sinoman ay magsabi ng
anoman sa inyo, ay sasabihin ninyo, Kinakailangan sila ng
Panginoon; at pagdaka'y kaniyang ipadadala sila. 4 Nangyari
nga ito, upang matupad ang sinalita sa pamamagitan ng
propeta, na nagsasabi, 5 Sabihin ninyo sa anak na babae
ng Sion: Narito, ang Hari mo'y pumaparito sa iyo, Na
maamo, at nakasakay sa isang asno, At sa isang batang
asno na anak ng babaing asno. 6 At nagsiparoon ang
mga alagad, at ginawa ang ayon sa ipinagutos ni Jesus
sa kanila, 7 At kanilang dinala ang babaing asno, at ang
batang asno, at inilagay nila sa ibabaw ng mga ito ang
kanilang mga damit; at dito siya'y sumakay. 8 At inilalatag
sa daan ng kalakhang bahagi ng karamihan ang kanilang
mga damit; at ang mga iba'y nagsiputol ng mga sanga
ng mga punong kahoy, at inilalatag sa daan. 9 At ang
mga karamihang nangasa unahan niya, at ang nagsisunod,
ay nagsisigawan, na nagsisipagsabi, Hosana sa Anak ni
David: Mapalad ang pumaparito sa pangalan ng Panginoon:
Hosana sa kataastaasan. 10 At nang pumasok si Jesus sa
Jerusalem, ay nagkagulo ang buong bayan, na nagsasabi,
Sino kaya ito? 11 At sinabi ng mga karamihan, Ito'y ang
propeta, Jesus, na taga Nazaret ng Galilea. 12 At pumasok
si Jesus sa templo ng Dios, at itinaboy niya ang lahat
na nangagbibili at nangamimili sa templo, at ginulo niya
ang mga dulang ng mga mamamalit ng salapi, at ang
mga upuan ng mga nagbibili ng mga kalapati; 13 At sinabi
niya sa kanila, Nasusulat, Ang aking bahay ay tatawaging
bahay-panalanginan, datapuwa't ginagawa ninyong yungib
ng mga tulisan. 14 At nagsilapit sa kaniya sa templo ang
mga bulag at mga pilay, at sila'y kaniyang pinagaling. 15
Datapuwa't nang makita ng mga pangulong saserdote at
ng mga eskriba ang mga katakatakang bagay na kaniyang
ginawa, at ang mga batang nagsisigawan sa templo at
nangagsasabi, Hosana sa Anak ni David; ay nangagalit
sila, 16 At sinabi nila sa kaniya, Naririnig mo baga ang
sinasabi ng mga ito? At sinabi sa kanila ni Jesus, Oo:
kailan man baga'y hindi ninyo nabasa, Mula sa bibig ng
mga sanggol at ng mga sumususo ay iyong nilubos ang
pagpupuri? 17 At sila'y kaniyang iniwan, at pumaroon sa
labas ng bayan sa Betania, at nakipanuluyan doon. 18 Pagka
umaga nga nang siya'y bumabalik sa bayan, nagutom siya.
19 At pagkakita sa isang puno ng igos sa tabi ng daan,
ay kaniyang nilapitan, at walang nasumpungang anoman
doon, kundi mga dahon lamang; at sinabi niya rito, Mula
ngayo'y huwag kang magbunga kailan man. At pagdaka'y
natuyo ang puno ng igos. **(aiōn g165)** 20 At nang makita ito ng
mga alagad, ay nangagtaka sila, na nangagsasabi, Ano't
pagdaka'y natuyo ang puno ng igos? 21 At sumagot si Jesus
at sinabi sa kanila, Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Kung
kayo'y may pananampalataya, at di mangagaalinlangan,
hindi lamang mangagagawa ninyo ang nangyari sa puno ng
igos, kundi maging sabihin ninyo sa bundok na ito, mapataas
ka, at mapasugba ka sa dagat, ay mangyayari. 22 At lahat
ng mga bagay na inyong hihingin sa panalangin, na may
pananampalataya, ay inyong tatanggapin. 23 At pagpasok
niya sa templo, ay nagsilapit sa kaniya ang mga pangulong
saserdote at ang matatanda sa bayan, samantalang siya'y
nagtuturo, at nangagsabi, Sa anong kapamahalaan ginagawa
mo ang mga bagay na ito? at sino ang sa iyo'y nagbigay ng
kapamahalaang ito? 24 At sumagot si Jesus at sa kanila'y
sinabi, Tatanungin ko rin naman kayo ng isang tanong, na
kung inyong sasabihin sa akin, ay sasabihin ko naman sa
inyo kung sa anong kapamahalaan ginagawa ko ang mga
bagay na ito. 25 Ang bautismo ni Juan, saan baga nagmula?
sa langit o sa mga tao? At kanilang pinagkatuwiranan sa
kanilang sarili, na nangagsasabi, Kung sabihin natin, Sa
langit; sasabihin niya sa atin, Bakit nga hindi ninyo siya

pinaniwalaan? 26 Datapuwa't kung sasabihin, Sa mga tao;
nangatatakot tayo sa karamihan; sapagka't kinikilala ng lahat
na propeta si Juan. 27 At sila'y nagsisagot kay Jesus, at
sinabi, Hindi namin nalalaman. Kaniyang sinabi naman sa
kanila, Hindi ko rin naman sasabihin sa inyo kung sa anong
kapamahalaan ginagawa ko ang mga bagay na ito. 28
Datapuwa't ano sa akala ninyo? Isang taong may dalawang
anak; at lumapit siya sa una, at sinabi, Anak, pumaroon
at gumawa ka ngayon sa ubasan. 29 At sinagot niya at
sinabi, Ayaw ko: datapuwa't nagsisi siya pagkatapos, at
naparoon. 30 At siya'y lumapit sa ikalawa, at gayon din ang
sinabi. At sumagot siya at sinabi, Ginoo, ako'y paroroon: at
hindi naparoon. 31 Alin baga sa dalawa ang gumanap ng
kalooban ng kaniyang ama? Sinabi nila, Ang una. Sinabi sa
kanila ni Jesus, Katotohanang sinasabi ko sa inyo, na ang
mga maniningil ng buwis at ang mga patutot ay nangauuna
sa inyo ng pagpasok sa kaharian ng Dios. 32 Sapagka't
naparito si Juan sa inyo sa daan ng katuwiran, at hindi ninyo
siya pinaniwalaan; datapuwa't pinaniwalaan siya ng mga
maniningil ng buwis at ng mga patutot: at kayo, sa pagkakita
ninyo nito, ay hindi man kayo nangagsisi pagkatapos, upang
kayo'y magsipaniwala sa kaniya. 33 Pakinggan ninyo ang isa
pang talinghaga: May isang tao, na puno ng sangbahayan,
na nagtanim ng isang ubasan, at binakuran niya ng mga
buhay na punong kahoy sa palibot, at humukay roon ng
isang pisaan ng ubas, at nagtayo ng isang bantayan, at
ipinagkatiwala yaon sa mga magsasaka, at napasa ibang
lupain. 34 At nang malapit na ang panahon ng pamumunga,
ay sinugo ang kaniyang mga alipin sa mga magsasaka,
upang tanggapin ang kaniyang bunga. 35 At pinaghawakan
ng mga magsasaka ang kaniyang mga alipin, at hinampas
nila ang isa, at ang isa'y pinatay, at ang isa'y binato. 36
Muling sinugo niya ang ibang mga alipin, na mahigit pa sa
nangauna; at ginawa rin sa kanila ang gayon ding paraan.
37 Datapuwa't pagkatapos ay sinugo niya sa kanila ang
kaniyang anak na lalake, na nagsasabi, Igagalang nila ang
aking anak. 38 Datapuwa't nang makita ng mga magsasaka
ang anak, ay nangagusapan sila, Ito ang tagapagmana;
halikayo, siya'y ating patayin, at kunin natin ang kaniyang
mana. 39 At siya'y hinawakan nila, at itinaboy siya sa
ubasan, at pinatay siya. 40 Pagdating nga ng panginoon ng
ubasan, ano kaya ang gagawin sa mga magsasakang yaon?
41 Sinabi nila sa kaniya, Pupuksaing walang awa ang mga
tampalasang yaon, at ibibigay ang ubasan sa mga ibang
magsasaka, na sa kaniya'y mangagbibigay ng mga bunga
sa kanilang kapanahunan. 42 Sinabi sa kanila ni Jesus,
Kailan man baga'y hindi ninyo nabasa sa mga kasulatan,
Ang batong itinakuwil ng nangagtatayo ng gusali, Ang siya
ring ginawang pangulo sa panulok; Ito'y mula sa Panginoon,
At ito'y kagilagilalas sa harap ng ating mga mata? 43 Kaya
nga sinasabi ko sa inyo, Aalisin sa inyo ang kaharian ng
Dios, at ibibigay sa isang bansang nagkakabunga. 44 At ang
mahulog sa ibabaw ng batong ito ay madudurog: datapuwa't
sinomang kaniyang malagpakan, ay pangangalating gaya ng
alabok. 45 At nang marinig ng mga pangulong saserdote at
ng mga Fariseo ang kaniyang mga talinghaga, ay kanilang
napaghalata na sila ang kaniyang pinagsasalitaan. 46 At
nang sila'y nagsisihanap ng paraang siya'y mahuli, ay
nangatakot sila sa karamihan, sapagka't ipinalalagay nito na
siya'y propeta.

22 At sumagot si Jesus at muling pinagsalitaan sila sa mga
talinghaga, na sinasabi, 2 Tulad ang kaharian ng langit
sa isang hari na naghanda ng piging ng kasalan ng kaniyang
anak na lalake, 3 At sinugo ang kaniyang mga alipin upang
tawagin ang mga inanyayahan sa piging ng kasalan: at sila'y
ayaw magsidalo. 4 Muling nagsugo siya sa ibang mga alipin,
na sinasabi, Sabihin ninyo sa mga inanyayahan, Narito,
inihanda ko na ang aking piging; pinatay ko ang aking mga
baka at mga hayop na matataba, at ang lahat ng mga bagay
ay nahahanda na: magsiparito kayo sa piging ng kasalan.
5 Datapuwa't hindi nila pinansin, at sila'y nagsiyaon sa
kanilang lakad, ang isa'y sa kaniyang sariling bukid, ang isa'y
sa kaniyang mga kalakal; 6 At hinawakan ng mga iba ang
kaniyang mga alipin, at sila'y dinuwahagi, at pinagpapatay.
7 Datapuwa't ang hari ay nagalit; at sinugo ang kaniyang
mga hukbo, at pinuksa ang mga mamamataytaong yaon, at
sinunog ang kanilang bayan. 8 Nang magkagayo'y sinabi
niya sa kaniyang mga alipin, Nahahanda ang kasalan, nguni't
hindi karapatdapat ang mga inanyayahan. 9 Magsiparoon
nga kayo sa mga likuang lansangan, at anyayahan ninyo sa
piging ng kasalan ang lahat ninyong mangasumpungan.
10 At nagsilabas ang mga aliping yaon sa mga lansangan,
at kanilang tinipon ang lahat nilang nangasumpungan,
masasama at mabubuti: at napuno ng mga panauhin ang
kasalan. 11 Datapuwa't pagpasok ng hari upang tingnan ang
mga panauhin, ay doo'y nakita niya ang isang tao na hindi
nararamtan ng damit-kasalan: 12 At sinabi niya sa kaniya,
Kaibigan, ano't pumasok ka rito na walang damit-kasalan? At
siya'y naumid. 13 Nang magkagayo'y sinabi ng hari sa mga
naglilingkod, Gapusin ninyo ang mga paa at mga kamay
niya, at itapon ninyo siya sa kadiliman sa labas; diyan na
nga ang pagtangis at ang pagngangalit ng mga ngipin. 14
Sapagka't marami ang mga tinawag, datapuwa't kakaunti
ang mga nahirang. 15 Nang magkagayo'y nagsialis ang
mga Fariseo, at nangagsanggunian sila kung paano kayang
mahuhuli nila siya sa kaniyang pananalita. 16 At sinugo
nila sa kaniya ang kanilang mga alagad, na kasama ng
mga Herodiano, na nagsisipagsabi, Guro, nalalaman naming

ikaw ay totoo, at itinuturo mong may katotohanan ang daan
ng Dios, at hindi ka nangingimi kanino man: sapagka't
hindi ka nagtatangi ng tao. 17 Sabihin mo nga sa amin,
Ano sa akala mo? Matuwid bagang bumuwis kay Cesar, o
hindi? 18 Datapuwa't napagkikilala ni Jesus ang kanilang
kasamaan, at sinabi sa kanila, Bakit ninyo ako tinutukso,
kayong mga mapagpaimbabaw? 19 Ipakita ninyo sa akin
ang salaping pangbuwis. At dinala nila sa kaniya ang isang
denario. 20 At sinabi niya sa kanila, Kanino ang larawang
ito at ang nasusulat? 21 Sinabi nila sa kaniya, Kay Cesar.
Nang magkagayo'y sinabi niya sa kanila, Kaya't ibigay ninyo
kay Cesar ang sa kay Cesar; at sa Dios ang sa Dios. 22 At
pagkarinig nila nito ay nagsipanggilalas sila, at siya'y iniwan,
at nagsiyaon. 23 Nang araw na yaon ay nagsilapit sa kaniya
ang mga Saduceo, na nangagsasabing walang pagkabuhay
na maguli: at siya'y kanilang tinanong, 24 Na sinasabi, Guro,
sinabi ni Moises, Kung mamatay na walang mga anak ang
isang lalake, ay magasawa ang kaniyang kapatid na lalake
sa asawa niya, at magkakaanak sa kaniyang kapatid na
lalake. 25 Nagkaroon nga sa amin ng pitong magkakapatid
na lalake: at nagasawa ang panganay at namatay, at
sapagka't hindi siya nagkaanak ay iniwan niya ang kaniyang
asawa sa kaniyang kapatid na lalake; 26 Gayon din naman
ang nangyari sa pangalawa, at sa pangatlo, hanggang sa
ikapito. 27 At sa kahulihulihan nilang lahat, ay namatay
ang babae. 28 Sa pagkabuhay ngang maguli sino kaya
doon sa pito ang magiging asawa? sapagka't siya'y naging
asawa nilang lahat. 29 Nguni't sumagot si Jesus at sinabi sa
kanila, Nangagkakamali kayo, sa hindi pagkaalam ng mga
kasulatan, ni ng kapangyarihan man ng Dios. 30 Sapagka't
sa pagkabuhay na maguli ay hindi na mangagaasawa, ni
mga papagaasawahin pa, kundi gaya ng mga anghel sa
langit. 31 Datapuwa't tungkol sa pagkabuhay na maguli
ng mga patay, hindi baga ninyo nabasa ang sinalita sa
inyo ng Dios, na nagsasabi, 32 Ako ang Dios ni Abraham,
at ang Dios ni Isaac, at ang Dios ni Jacob? Ang Dios ay
hindi Dios ng mga patay, kundi ng mga buhay. 33 At nang
marinig ito ng karamihan ay nangagtaka sa kaniyang aral.
34 Datapuwa't nang marinig ng mga Fariseo na kaniyang
napatahimik ang mga Saduceo, ay nangagkatipon sila. 35 At
isa sa kanila, na tagapagtanggol ng kautusan, ay tinanong
siya ng isang tanong, upang siya'y tuksuhin: 36 Guro, alin
baga ang dakilang utos sa kautusan? 37 At sinabi sa kaniya,
Iibigin mo ang Panginoon mong Dios ng buong puso mo, at
ng buong kaluluwa mo, at ng buong pagiisip mo. 38 Ito ang
dakila at pangunang utos. 39 At ang pangalawang katulad
ay ito, Iibigin mo ang iyong kapuwa na gaya ng iyong sarili.
40 Sa dalawang utos na ito'y nauuwi ang buong kautusan, at
ang mga propeta. 41 Habang nangagkakatipon nga ang
mga Fariseo, ay tinanong sila ni Jesus ng isang tanong.
42 Na sinasabi, Ano ang akala ninyo tungkol kay Cristo?
kanino bagang anak siya? Sinabi nila sa kaniya, kay David.
43 Sinabi niya sa kanila, Kung gayo'y bakit tinatawag siya ni
David na Panginoon, sa espiritu, na nagsasabi, 44 Sinabi
ng Panginoon sa aking Panginoon, Maupo ka sa aking
kanan, Hanggang sa ilagay ko ang iyong mga kaaway sa
ilalim ng iyong mga paa? 45 Kung tinatawag nga siya ni
David na Panginoon, paanong siya'y kaniyang anak? 46 At
wala sinomang nakasagot sa kaniya ng isang salita, ni wala
sinomang nangahas buhat sa araw na yaon na tumanong
pa sa kaniya ng anomang mga tanong.

23 Nang magkagayo'y nagsalita si Jesus sa mga
karamihan at sa kaniyang mga alagad, 2 Na nagsasabi,
Nagsisiupo ang mga eskriba at mga Fariseo sa luklukan ni
Moises. 3 Lahat nga ng mga bagay na sa inyo'y kanilang
ipagutos, ay gawin ninyo at ganapin: datapuwa't huwag
kayong magsigawa ng alinsunod sa kanilang mga gawa;
sapagka't kanilang sinasabi, at hindi ginagawa. 4 Oo, sila'y
nangagbibigkis ng mabibigat na pasan at mahihirap na
dalhin, at ipinapasan nila sa mga balikat ng mga tao;
datapuwa't ayaw man lamang nilang kilusin ng kanilang daliri.
5 Datapuwa't ginagawa nila ang lahat ng kanilang mga gawa
upang mangakita ng mga tao: sapagka't nangagpapalapad
sila ng kanilang mga pilakteria, at nangagpapalapad ng
mga laylayan ng kanilang mga damit, 6 At iniibig ang mga
pangulong dako sa mga pigingan, at ang mga pangulong
luklukan sa mga sinagoga, 7 At pagpugayan sa mga
pamilihan, at ang sila'y tawagin ng mga tao, Rabi. 8
Datapuwa't kayo'y huwag patawag na Rabi: sapagka't iisa ang
inyong guro, at kayong lahat ay magkakapatid. 9 At huwag
ninyong tawaging inyong ama ang sinomang tao sa lupa:
sapagka't iisa ang inyong ama, sa makatuwid baga'y siya na
nasa langit. 10 Ni huwag kayong patawag na mga panginoon;
sapagka't iisa ang inyong panginoon, sa makatuwid baga'y
ang Cristo. 11 Datapuwa't ang pinakadakila sa inyo ay
magiging lingkod ninyo. 12 At sinomang nagmamataas ay
mabababa; at sinomang nagpapakababa ay matataas. 13
Datapuwa't sa aba ninyo, mga eskriba at mga Fariseo,
mga mapagpaimbabaw! sapagka't sinasarhan ninyo ang
kaharian ng langit laban sa mga tao: sapagka't kayo'y
hindi na nagsisipasok, at ang nagsisipasok man ay ayaw
ninyong bayaang mangakapasok. 14 Sa aba ninyo, mga
eskriba't mga Fariseo, mga mapagpaimbabaw! Sapagka't
sinasakmal ninyo ang mga bahay ng mga babaing bao, at
inyong dinadahilan ang mahahabang panalangin: kaya't
magsisitanggap kayo ng lalong mabigat na parusa. 15 Sa aba
ninyo, mga eskriba at mga Fariseo, mga mapagpaimbabaw!
sapagka't inyong nililibot ang dagat at ang lupa sa paghanap

ng isa ninyong makakampi; at kung siya'y magkagayon
na, ay inyong ginagawa siyang makaibayo pang anak ng
impierno kay sa inyong sarili. **(Geenna g1067)** 16 Sa aba
ninyo, kayong mga tagaakay na bulag, na inyong sinasabi,
Kung ipanumpa ninoman ang templo, ay walang anoman;
datapuwa't kung ipanumpa ninoman ang ginto ng templo, ay
nagkakautang nga siya. 17 Kayong mga mangmang at mga
bulag: sapagka't alin baga ang lalong dakila, ang ginto, o
ang templong bumabanal sa ginto? 18 At, kung ipanumpa
ninoman ang dambana, ay walang anoman; datapuwa't kung
ipanumpa ninoman ang handog na nasa ibabaw nito, ay
nagkakautang nga siya. 19 Kayong mga bulag: sapagka't
alin baga ang lalong dakila, ang handog, o ang dambana
na bumabanal sa handog? 20 Kaya't ang nanunumpa sa
pamamagitan ng dambana, ay ipinanunumpa ito, at ang
lahat ng mga bagay na nangasa ibabaw nito. 21 At ang
nanunumpa sa pamamagitan ng templo, ay ipinanumpa
ito, at yaong tumatahan sa loob nito. 22 Ang nanunumpa
sa pamamagitan ng langit, ay ipinanumpa ang luklukan ng
Dios, at yaong nakaluklok doon. 23 Sa aba ninyo, mga
eskriba at mga Fariseo, mga mapagpaimbabaw! sapagka't
nangagbibigay kayo ng sa ikapu ng yerbabuena, at ng anis
at ng komino, at inyong pinababayaang di ginagawa ang
lalong mahahalagang bagay ng kautusan, na dili iba't ang
katarungan, at ang pagkahabag, at ang pananampalataya:
datapuwa't dapat sana ninyong gawin ang mga ito, at huwag
pabayaang di gawin yaong iba. 24 Kayong mga tagaakay na
bulag na inyong sinasala ang lamok, at nilulunok ninyo ang
kamelyo! 25 Sa aba ninyo, mga eskriba at mga Fariseo, mga
mapagpapaimbabaw! sapagka't inyong nililinis ang labas
ng saro at ng pinggan, datapuwa't sa loob ay puno sila ng
panglulupig at katakawan. 26 Ikaw bulag na Fariseo, linisin
mo muna ang loob ng saro at ng pinggan, upang luminis
naman ang kaniyang labas. 27 Sa aba ninyo, mga eskriba
at mga Fariseo, mga mapagpaimbabaw! sapagka't tulad
kayo sa mga libingang pinaputi, na may anyong maganda
sa labas, datapuwa't sa loob ay puno ng mga buto ng mga
patay na tao, at ng lahat na karumaldumal. 28 Gayon din
naman kayo, sa labas ay nangagaanyong matuwid sa mga
tao, datapuwa't sa loob ay puno kayo ng pagpapaimbabaw
at ng katampalasanan. 29 Sa aba ninyo, mga eskriba at mga
Fariseo, mga mapagpaimbabaw! sapagka't itinatayo ninyo
ang mga libingan ng mga propeta, at inyong ginayakan
ang mga libingan ng mga matuwid, 30 At sinasabi ninyo,
Kung kami sana ang nangabubuhay nang mga kaarawan ng
aming mga magulang disi'y hindi kami nangakaramay nila sa
dugo ng mga propeta. 31 Kaya't kayo'y nangagpapatotoo sa
inyong sarili, na kayo'y mga anak niyaong mga nagsipatay
ng mga propeta. 32 Punuin nga ninyo ang takalan ng inyong
mga magulang. 33 Kayong mga ahas, kayong mga lahi ng
mga ulupong, paanong mangakawawala kayo sa kahatulan
sa impierno? **(Geenna g1067)** 34 Kaya't, narito, sinusugo ko sa
inyo ang mga propeta, at mga pantas na lalake, at mga
eskriba: ang mga iba sa kanila'y inyong papatayin at ipapako
sa krus; at ang mga iba sa kanila'y inyong hahampasin sa
inyong mga sinagoga, at sila'y inyong paguusigin sa bayan-
bayan: 35 Upang mabubo sa inyo ang lahat na matuwid
na dugo na nabuhos sa ibabaw ng lupa, buhat sa dugo ng
matuwid na si Abel hanggang sa dugo ni Zacarias na anak
ni Baraquias na pinatay ninyo sa pagitan ng santuario at
ng dambana. 36 Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Ang
lahat ng mga bagay na ito ay darating sa lahing ito. 37 Oh
Jerusalem, Jerusalem, na pumapatay sa mga propeta, at
bumabato sa mga sinusugo sa kaniya! makailang inibig
kong tipunin ang iyong mga anak, na gaya ng pagtitipon ng
inahing manok sa kaniyang mga sisiw sa ilalim ng kaniyang
mga pakpak, ay ayaw kayo! 38 Narito, ang inyong bahay ay
iniiwan sa inyong wasak. 39 Sapagka't sinasabi ko sa inyo,
Buhat ngayon ay hindi ninyo ako makikita, hanggang sa
inyong sabihin, Mapalad ang pumaparito sa pangalan ng
Panginoon.

**24** At lumabas si Jesus sa templo, at payaon sa kaniyang
lakad; at nagsilapit sa kaniya ang kaniyang mga alagad
upang sa kaniya'y ipamalas ang mga gusali ng templo.
2 Datapuwa't siya'y sumagot at sa kanila'y sinabi, Hindi
baga ninyo nangakikita ang lahat ng mga bagay na ito?
katotohanang sinasabi ko sa inyo, Dito'y walang maiiwang
isang bato sa ibabaw ng ibang bato, na hindi ibabagsak. 3
At samantalang siya'y nakaupo sa bundok ng mga Olivo,
ay nagsilapit sa kaniya ng bukod ang mga alagad, na
nagsisipagsabi, Sabihin mo sa amin, kailan mangyayari ang
mga bagay na ito? at ano ang magiging tanda ng iyong
pagparito, at ng katapusan ng sanglibutan? **(aiōn g165)** 4 At
sumagot si Jesus at sinabi sa kanila, Mangagingat kayo na
huwag kayong mailigaw ninoman. 5 Sapagka't marami ang
magsisiparito sa aking pangalan, na mangagsasabi, Ako
ang Cristo; at ililigaw ang marami. 6 At mangakakarinig kayo
ng mga digmaan at mga alingawngaw ng mga digmaan;
ingatan ninyo na huwag kayong magulumihanan: sapagka't
kinakailangang ito'y mangyari datapuwa't hindi pa ang
wakas. 7 Sapagka't magsisitindig ang bansa laban sa bansa,
at ang kaharian laban sa kaharian; at magkakagutom at
lilindol sa iba't ibang dako. 8 Datapuwa't ang lahat ng
mga bagay na ito ay siyang pasimula ng kahirapan. 9
Kung magkagayo'y ibibigay kayo sa kapighatian, at kayo'y
papatayin: at kayo'y kapopootan ng lahat ng mga bansa
dahil sa aking pangalan. 10 At kung magkagayo'y maraming
mangatitisod, at mangagkakanuluhan ang isa't isa, at

mangagkakapootan ang isa't isa. 11 At magsisibangon
ang maraming bulaang propeta, at kanilang ililigaw ang
marami. 12 At dahil sa pagsagana ng katampalasanan, ang
pagibig ng marami ay lalamig. 13 Datapuwa't ang magtitiis
hanggang sa wakas ay siyang maliligtas. 14 At ipangangaral
ang evangeliong ito ng kaharian sa buong sanglibutan sa
pagpapatotoo sa lahat ng mga bansa; at kung magkagayo'y
darating ang wakas. 15 Kaya nga pagkakita ninyo ng
kasuklamsuklam na paninira, na sinalita sa pamamagitan
ng propeta Daniel, na natatayo sa dakong banal (unawain
ng bumabasa), 16 Kung magkagayo'y magsitakas sa mga
bundok ang nangasa Judea: 17 Ang nasa bubungan ay
huwag bumaba upang maglabas ng mga bagay sa loob ng
kaniyang bahay: 18 At ang nasa bukid ay huwag magbalik
upang kumuha ng kaniyang balabal. 19 Datapuwa't sa aba
ng nangagdadalang-tao at nangagpapasuso sa mga araw
na yaon! 20 At magsipanalangin kayo na huwag mangyari
ang pagtakas ninyo sa panahong taginaw, o sa sabbath
man: 21 Sapagka't kung magkagayo'y magkakaroon ng
malaking kapighatian, na ang gayo'y di pa nangyayari buhat
sa pasimula ng sanglibutan hanggang ngayon, at ni hindi na
mangyayari kailan man. 22 At malibang paikliin ang mga araw
na yaon, ay walang lamang makaliligtas: datapuwa't dahil sa
mga hirang ay paiikliin ang mga araw na yaon. 23 Kung
magkagayon, kung may magsabi sa inyong sinomang tao,
Narito ang Cristo, o, Nariyan; huwag ninyong paniwalaan. 24
Sapagka't may magsisilitaw na mga bulaang Cristo, at mga
bulaang propeta, at mangagpapakita ng mga dakilang tanda
at mga kababalaghan; ano pa't ililigaw, kung maaari, pati ng
mga hirang. 25 Narito, ipinagpauna ko nang sinabi sa inyo.
26 Kaya nga kung sa inyo'y kanilang sasabihin, Narito, siya'y
nasa ilang; huwag kayong magsilabas: Narito, siya'y nasa
mga silid; huwag ninyong paniwalaan. 27 Sapagka't gaya ng
kidlat na kumikidlat sa silanganan, at nakikita hanggang sa
kalunuran; gayon din naman ang pagparito ng Anak ng tao.
28 Saan man naroon ang bangkay, ay doon mangagkakatipon
ang mga uwak. 29 Datapuwa't karakarakang pagkatapos
ng kapighatian sa mga araw na yaon ay magdidilim ang
araw, at ang buwan ay hindi magbibigay ng kaniyang
liwanag, at mangalalaglag ang mga bituin mula sa langit, at
magsisipangatal ang mga kapangyarihan sa mga langit: 30
At kung magkagayo'y lilitaw ang tanda ng Anak ng tao sa
langit: at kung magkagayo'y magsisitaghoy ang lahat ng
mga angkan sa lupa, at mangakikita nila ang Anak ng tao
na napaparitong sumasa mga alapaap ng langit na may
kapangyarihan at dakilang kaluwalhatian. 31 At susuguin ang
kaniyang mga anghel na may matinding pakakak, at kanilang
titipunin ang kaniyang mga hinirang mula sa apat na hangin
ng sanglibutan, mula sa isang dulo ng langit hanggang
sa kabila. 32 Sa puno ng igos nga ay pagaralan ninyo
ang kaniyang talinghaga: pagka nananariwa ang kaniyang
sanga, at sumusupling ang mga dahon, ay nalalaman ninyo
na malapit na ang tagaraw; 33 Gayon din naman kayo,
pagka nangakita ninyo ang lahat ng mga bagay na ito, ay
talastasin ninyo na siya'y malapit na, nasa mga pintuan
nga. 34 Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Hindi lilipas
ang lahing ito, hanggang sa mangaganap ang lahat ng
mga bagay na ito. 35 Ang langit at ang lupa ay lilipas,
datapuwa't ang aking mga salita ay hindi lilipas. 36 Nguni't
tungkol sa araw at oras na yaon walang makakaalam, kahit
ang mga anghel sa langit, kahit ang Anak, kundi ang Ama
lamang. 37 At kung paano ang mga araw ni Noe, gayon
din naman ang pagparito ng Anak ng tao. 38 Sapagka't
gaya ng mga araw bago nagkagunaw, sila'y nagsisikain
at nagsisiinom, at nangagaasawa at pinapapagaasawa,
hanggang sa araw na pumasok si Noe sa daong, 39 At hindi
nila nalalaman hanggang sa dumating ang paggunaw, at
sila'y tinangay na lahat; ay gayon din naman ang pagparito
ng Anak ng tao. 40 Kung magkagayo'y sasa bukid ang
dalawang lalake; ang isa'y kukunin, at ang isa'y iiwan: 41
Dalawang babaing nagsisigiling sa isang gilingan; ang isa'y
kukunin, at ang isa'y iiwan. 42 Mangagpuyat nga kayo:
sapagka't hindi ninyo nalalaman kung anong araw paririto
ang inyong Panginoon. 43 Datapuwa't ito'y talastasin ninyo,
na kung nalalaman ng puno ng sangbahayan kung anong
panahon darating ang magnanakaw, ay siya'y magpupuyat,
at hindi niya pababayaang tibagin ang kaniyang bahay. 44
Kaya nga kayo'y magsihanda naman; sapagka't paririto ang
Anak ng tao sa oras na hindi ninyo iniisip. 45 Sino nga
baga ang aliping tapat at matalino, na pinagkatiwalaan ng
kaniyang panginoon sa kaniyang sangbahayan, upang sila'y
bigyan ng pagkain sa kapanahunan? 46 Mapalad yaong
aliping kung dumating ang kaniyang panginoon, ay maratnan
siyang gayon ang kaniyang ginagawa. 47 Katotohanang
sinasabi ko sa inyo, na sa kaniya'y ipagkakatiwala ang lahat
niyang pag-aari. 48 Datapuwa't kung ang masamang aliping
yaon ay magsabi sa kaniyang puso, Magtatagal ang aking
panginoon; 49 At magsimulang bugbugin ang kaniyang mga
kapuwa alipin, at makipagkainan at makipaginuman sa mga
lasing; 50 Darating ang panginoon ng aliping yaon sa araw
na hindi niya hinihintay, at oras na hindi niya nalalaman,
51 At siya'y babaakin, at isasama ang kaniyang bahagi sa
mga mapagpaimbabaw: doon na nga ang pagtangis at
pagngangalit ng mga ngipin.

25 Kung magkagayon ay makakatulad ang kaharian ng
langit ng sangpung dalaga, na kinuha ang kanilang
mga ilawan, at nagsilabas upang salubungin ang kasintahang
lalake. 2 At ang lima sa kanila'y mga mangmang, at ang lima'y

matatalino. 3 Sapagka't nang dalhin ng mga mangmang
ang kanilang mga ilawan, ay hindi sila nangagdala ng
langis: 4 Datapuwa't ang matatalino ay nangagdala ng
langis sa kanilang sisidlan na kasama ng kanilang mga
ilawan. 5 Samantalang nagtatagal nga ang kasintahang
lalake, ay nangagantok silang lahat at nangakatulog. 6
Datapuwa't pagkahating gabi ay may sumigaw, Narito, ang
kasintahang lalake! Magsilabas kayo upang salubungin
siya. 7 Nang magkagayo'y nagsipagbangong lahat ang mga
dalagang yaon, at pinagigi ang kanilang mga ilawan. 8
At sinabi ng mga mangmang sa matatalino, Bigyan ninyo
kami ng inyong langis; sapagka't nangamamatay ang aming
mga ilawan. 9 Datapuwa't nagsisagot ang matatalino, na
nangagsasabi, Baka sakaling hindi magkasiya sa amin
at sa inyo: magsiparoon muna kayo sa nangagbibili, at
magsibili kayo ng ganang inyo. 10 At samantalang sila'y
nagsisiparoon sa pagbili, ay dumating ang kasintahang
lalake; at ang mga nahahanda ay nagsipasok na kasama
niya sa piging ng kasalan: at inilapat ang pintuan. 11
Pagkatapos ay nagsirating naman ang mga ibang dalaga, na
nagsisipagsabi, Panginoon, Panginoon, buksan mo kami. 12
Datapuwa't sumagot siya at sinabi, Katotohanang sinasabi
ko sa inyo, Hindi ko kayo nangakikilala. 13 Mangagpuyat
nga kayo, sapagka't hindi ninyo nalalaman ang araw ni ang
oras. 14 Sapagka't tulad sa isang tao, na nang paroroon sa
ibang lupain, ay tinawag ang kaniyang sariling mga alipin, at
ipinamahala sa kanila ang kaniyang mga pag-aari. 15 At ang
isa'y binigyan niya ng limang talento, ang isa'y dalawa, at
ang isa'y isa; sa bawa't isa'y ayon sa kanikaniyang kaya; at
siya'y yumaon sa kaniyang paglalakbay. 16 Ang tumanggap
ng limang talento pagdaka'y yumaon at ipinangalakal
niya ang mga yaon, at siya'y nakinabang ng lima pang
talento. 17 Sa gayon ding paraan ang tumanggap ng dalawa
ay nakinabang ng ibang dalawa pa. 18 Datapuwa't ang
tumanggap ng isa ay yumaon at humukay sa lupa, at itinago
ang salapi ng kaniyang panginoon. 19 Pagkatapos nga
ng mahabang panahon, ay dumating ang panginoon ng
mga aliping yaon, at nakipaghusay sa kanila. 20 At ang
tumanggap ng limang talento ay lumapit at nagdala ng
lima pang talento, na nagsasabi, Panginoon, binigyan mo
ako ng limang talento: narito, ako'y nakinabang ng lima
pang talento. 21 Sinabi sa kaniya ng kaniyang panginoon,
Mabuting gawa, mabuti at tapat na alipin: nagtapat ka sa
kakaunting bagay, pamamahalain kita sa maraming bagay;
pumasok ka sa kagalakan ng iyong panginoon. 22 At lumapit
naman ang tumanggap ng dalawang talento at sinabi,
Panginoon, binigyan mo ako ng dalawang talento: narito,
ako'y nakinabang ng dalawa pang talento. 23 Sinabi sa kaniya
ng kaniyang panginoon, Mabuting gawa, mabuti at tapat
na alipin: nagtapat ka sa kakaunting bagay, pamamahalain
kita sa maraming bagay; pumasok ka sa kagalakan ng
iyong panginoon. 24 At lumapit naman ang tumanggap ng
isang talento at sinabi, Panginoon, nakikilala kita na ikaw
ay taong mapagmatigas, na gumagapas ka doon sa hindi
mo hinasikan, at nagaani ka doon sa hindi mo sinabugan;
25 At ako'y natakot, at ako'y yumaon at aking itinago sa
lupa ang talento mo: narito, nasa iyo ang iyong sarili. 26
Datapuwa't sumagot ang kaniyang panginoon at sinabi sa
kaniya, Ikaw na aliping masama at tamad, nalalaman mong
ako'y gumagapas sa hindi ko hinasikan, at nagaani doon
sa hindi ko sinabugan; 27 Gayon pala'y ibinigay mo sana
ang aking salapi sa nagsisipangalakal ng salapi, at nang sa
aking pagdating ay tinanggap ko sana ang ganang akin pati
ng pakinabang. 28 Alisin nga ninyo sa kaniya ang talento,
at ibigay ninyo sa may sangpung talento. 29 Sapagka't
ang bawa't mayroon ay bibigyan, at siya'y magkakaroon
ng sagana: nguni't ang wala, pati pa nang nasa kaniya
ay aalisin sa kaniya. 30 At ang aliping walang kabuluhan
ay inyong itapon sa kadiliman sa labas: diyan na nga ang
pagtangis at ang pagngangalit ng mga ngipin. 31 Datapuwa't
pagparito ng Anak ng tao na nasa kaniyang kaluwalhatian,
na kasama niya ang lahat ng mga anghel, kung magkagayo'y
luluklok siya sa luklukan ng kaniyang kaluwalhatian: 32 At
titipunin sa harap niya ang lahat ng mga bansa: at sila'y
pagbubukdinbukdin niya na gaya ng pagbubukodbukod ng
pastor sa mga tupa at sa mga kambing; 33 At ilalagay niya
ang mga tupa sa kaniyang kanan, datapuwa't sa kaliwa ang
mga kambing. 34 Kung magkagayo'y sasabihin ng Hari sa
nangasa kaniyang kanan, Magsiparito kayo, mga pinagpala
ng aking Ama, manahin ninyo ang kahariang nakahanda sa
inyo buhat nang itatag ang sanglibutan: 35 Sapagka't ako'y
nagutom, at ako'y inyong pinakain; ako'y nauhaw, at ako'y
inyong pinainom; ako'y naging taga ibang bayan, at inyo
akong pinatuloy; 36 Naging hubad, at inyo akong pinaramtan;
ako'y nagkasakit, at inyo akong dinalaw; ako'y nabilanggo, at
inyo akong pinaroonan. 37 Kung magkagayo'y sasagutin siya
ng mga matuwid, na mangagsasabi, Panginoon, kailan ka
namin nakitang nagutom, at pinakain ka namin? o nauuhaw,
at pinainom ka? 38 At kailan ka naming nakitang isang taga
ibang bayan, at pinatuloy ka? o hubad, at pinaramtan ka? 39
At kailan ka namin nakitang may-sakit, o nasa bilangguan,
at dinalaw ka namin? 40 At sasagot ang Hari at sasabihin sa
kanila, Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Yamang inyong
ginawa sa isa dito sa aking mga kapatid, kahit sa pinakamaliit
na ito, ay sa akin ninyo ginawa. 41 Kung magkagayo'y
sasabihin naman niya sa mga nasa kaliwa, Magsilayo kayo
sa akin, kayong mga sinumpa, at pasa apoy na walang
hanggan na inihanda sa diablo at sa kaniyang mga anghel:

(aiōnios g166) 42 Sapagka't ako'y nagutom, at hindi ninyo ako
pinakain; ako'y nauhaw, at hindi ninyo ako pinainom; 43 Ako'y
naging isang taga ibang bayan, at hindi ninyo ako pinatuloy;
hubad, at hindi ninyo ako pinaramtan; maysakit at nasa
bilangguan, at hindi ako dinalaw. 44 Kung magkagayo'y sila
nama'y magsisisagot, na magsisipagsabi, Panginoon, kailan
ka namin nakitang nagugutom, o nauuhaw, o isang taga
ibang bayan, o hubad, o may-sakit, o nasa bilangguan, at
hindi ka namin pinaglingkuran? 45 Kung magkagayo'y sila'y
sasagutin niya, na sasabihin, Katotohanang sinasabi ko sa
inyo, na yamang hindi ninyo ginawa sa maliliit na ito, ay hindi
ninyo ginawa sa akin. 46 At ang mga ito'y mangapaparoon
sa walang hanggang kaparusahan: datapuwa't ang mga
matuwid ay sa walang hanggang buhay. (aiōnios g166)

**26** At nangyari, na nang matapos ni Jesus ang lahat
ng mga salitang ito, ay sinabi niya sa kaniyang mga
alagad, 2 Nalalaman ninyo na pagkaraan ng dalawang araw
ay darating ang paskua, at ibibigay ang Anak ng tao upang
ipako sa krus. 3 Nang magkagayo'y ang mga pangulong
saserdote, at ang mga matanda sa bayan ay nangagkatipon
sa looban ng dakilang saserdote, na tinatawag na Caifas;
4 At sila'y nangagsanggunian upang hulihin si Jesus sa
pamamagitan ng daya, at siya'y patayin. 5 Datapuwa't sinabi
nila, Huwag sa kapistahan, baka magkagulo sa bayan. 6
Nang nasa Betania nga si Jesus sa bahay ni Simon na
ketongin, 7 Ay lumapit sa kaniya ang isang babae na may
dalang isang sisidlang alabastro ng unguento na lubhang
mahalaga, at ibinuhos sa kaniyang ulo, samantalang siya'y
nakaupo sa pagkain. 8 Datapuwa't nang makita ito ng mga
alagad, ay nangagalit sila, na nangagsasabi, Ano ang layon
ng pagaaksayang ito? 9 Sapagka't ito'y maipagbibili sa
malaking halaga, at maibibigay sa mga dukha. 10 Datapuwa't
nang mahalata ito ni Jesus ay sinabi sa kanila, Bakit ninyo
binabagabag ang babae? sapagka't gumawa siya sa akin
ng mabuting gawa. 11 Sapagka't laging nangasa inyo ang
mga dukha; datapuwa't ako'y hindi laging nasa inyo. 12
Sapagka't sa pagbubuhos niya nitong unguento sa aking
katawan, ay ginawa niya ito upang ihanda ako sa paglilibing.
13 Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Saan man ipangaral
ang evangeliong ito sa buong sanglibutan, ay sasaysayin din
ang ginawa ng babaing ito sa pagaalaala sa kaniya. 14 Nang
magkagayo'y isa sa labingdalawa, na tinatawag na Judas
Iscariote, ay naparoon sa mga pangulong saserdote, 15 At
sinabi, Ano ang ibig ninyong ibigay sa akin, at siya'y ibibigay
ko sa inyo? At siya'y tinimbangan nila ng tatlongpung putol
na pilak. 16 At buhat nang panahong yao'y humanap siya ng
pagkakataon upang maibigay siya. 17 Nang unang araw nga
ng mga tinapay na walang lebadura ay nagsilapit ang mga
alagad kay Jesus, na nagsisipagsabing, Saan mo ibig na
ipaghanda ka namin upang kumain ng kordero ng paskua?
18 At sinabi niya, Magsipasok kayo sa bayan sa gayong tao,
at sabihin ninyo sa kaniya, Sinabi ng Guro, malapit na ang
aking panahon; sa iyong bahay magpapaskua ako pati ng
aking mga alagad. 19 At ginawa ng mga alagad ang ayon sa
ipinagutos sa kanila ni Jesus; at inihanda nila ang kordero
ng paskua. 20 Nang dumating nga ang gabi, ay nakaupo
siya sa pagkain na kasalo ang labingdalawang alagad; 21 At
samantalang sila'y nagsisikain, ay sinabi niya, Katotohanang
sinasabi ko sa inyo, na ako'y ipagkakanulo ng isa sa inyo.
22 At sila'y lubhang nangamanglaw, at nagpasimula ang
bawa't isa na magsabi sa kaniya, Ako baga, Panginoon? 23
At siya'y sumagot at sinabi, Yaong kasabay kong idampot
ang kamay sa pinggan, ay siya ring magkakanulo sa akin.
24 Ang Anak ng tao ay papanaw, ayon sa nasusulat tungkol
sa kaniya: datapuwa't sa aba niyaong taong magkakanulo
sa Anak ng tao! mabuti pa sana sa taong yaon ang hindi na
siya ipinanganak. 25 At si Judas, na sa kaniya'y nagkanulo,
ay sumagot at nagsabi, Ako baga, Rabi? Sinabi niya
sa kaniya, Ikaw ang nagsabi. 26 At samantalang sila'y
nagsisikain, ay dumampot si Jesus ng tinapay, at pinagpala,
at pinagputolputol; at ibinigay sa mga alagad, at sinabi, Kunin
ninyo, kanin ninyo; ito ang aking katawan. 27 At dumampot
siya ng isang saro, at nagpasalamat, at ibinigay sa kanila, na
nagsasabi, Magsiinom kayong lahat diyan; 28 Sapagka't ito
ang aking dugo ng tipan, na nabubuhos dahil sa marami, sa
ikapagpapatawad ng mga kasalanan. 29 Datapuwa't sinasabi
ko sa inyo, na buhat ngayon ay hindi na ako iinom nitong
bunga ng ubas, hanggang sa araw na yaon na inumin kong
panibago na mga kasalo ko kayo sa kaharian ng aking Ama.
30 At pagkaawit nila ng isang himno, ay nagsiparoon sila
sa bundok ng mga Olivo. 31 Nang magkagayo'y sinabi sa
kanila ni Jesus, Kayong lahat ay mangagdaramdam sa akin
sa gabing ito: sapagka't nasusulat, Sasaktan ko ang pastor,
at mangangalat ang mga tupa ng kawan. 32 Datapuwa't
pagkapagbangon ko, ay mauuna ako sa inyo sa Galilea. 33
Datapuwa't sumagot si Pedro at sinabi sa kaniya, Kung ang
lahat ay mangagdaramdam sa iyo, ako kailan ma'y hindi
magdaramdam. 34 Sinabi sa kaniya ni Jesus, Katotohanang
sinasabi ko sa iyo, na sa gabing ito, bago tumilaok ang
manok, ay ikakaila mo akong makaitlo. 35 Sinabi sa kaniya
ni Pedro, Kahima't ako'y mamatay na kasama mo, ay hindi
kita ikakaila. Gayon din ang sinabi ng lahat ng mga alagad.
36 Nang magkagayo'y dumating si Jesus na kasama sila
sa isang dako na tinatawag na Getsemani, at sinabi sa
kaniyang mga alagad, Magsiupo kayo rito, samantalang
ako'y pumaparoon doon at manalangin. 37 At kaniyang
isinama si Pedro at ang dalawang anak ni Zebedeo, at
nagpasimula siyang namanglaw at nanglumong totoo. 38

Nang magkagayo'y sinabi niya sa kanila, Namamanglaw na
lubha ang kaluluwa ko, hanggang sa kamatayan: mangatira
kayo rito, at makipagpuyat sa akin. **39** At lumakad siya
sa dako pa roon, at siya'y nagpatirapa, at nanalangin, na
nagsasabi, Ama ko, kung baga maaari, ay lumampas sa
akin ang sarong ito: gayon ma'y huwag ang ayon sa ibig ko,
kundi ang ayon sa ibig mo. **40** At lumapit siya sa mga alagad,
at sila'y kaniyang naratnang nangatutulog, at sinabi kay
Pedro, Ano, hindi kayo maaaring mangakipagpuyat sa akin
ng isang oras? **41** Kayo'y mangagpuyat at magsipanalangin,
upang huwag kayong magsipasok sa tukso: ang espiritu sa
katotohanan ay may ibig, datapuwa't mahina ang laman.
**42** Muli siyang umalis na bilang ikalawa, at nanalangin, na
nagsasabi, Ama ko, kung di mangyayaring makalampas ito,
kundi ko inumin, mangyari nawa ang iyong kalooban. **43**
At siya'y nagbalik na muli at naratnan silang nangatutulog,
sapagka't nangabibigatan ang kanilang mga mata. **44** At
muli niya silang iniwan, at umalis, at nanalangin bilang
ikatlo, na sinabing muli ang gayon ding mga salita. **45** Nang
magkagayo'y lumapit siya sa mga alagad, at sinabi sa kanila,
Mangatulog na kayo, at mangagpahinga: narito, malapit na
ang oras, at ang Anak ng tao ay ipinagkakanulo sa mga
kamay ng mga makasalanan. **46** Magsitindig kayo, hayo
na tayo: narito, malapit na ang nagkakanulo sa akin. **47**
At samantalang nagsasalita pa siya, narito, dumating si
Judas, na isa sa labingdalawa, at kasama niya ang lubhang
maraming taong may mga tabak at mga panghampas,
mula sa mga pangulong saserdote at sa matatanda sa
bayan. **48** Ang nagkanulo nga sa kaniya ay nagbigay sa
kanila ng isang hudyat, na sinasabi, Ang aking hagkan, ay
yaon nga: hulihin ninyo siya. **49** At pagdaka'y lumapit siya
kay Jesus, at nagsabi, Magalak, Rabi; at siya'y hinagkan.
**50** At sinabi sa kaniya ni Jesus, Gawin mo ang dahil ng
pagparito mo. Nang magkagayon ay nagsilapit sila at
kanilang sinunggaban si Jesus, at siya'y kanilang dinakip.
**51** At narito, ang isa sa mga kasama ni Jesus ay iniunat
ang kaniyang kamay at binunot ang kaniyang tabak, at
sinugatan ang alipin ng dakilang saserdote, at tinagpas ang
kaniyang tainga. **52** Nang magkagayo'y sinabi sa kaniya
ni Jesus, Isauli mo ang iyong tabak sa kaniyang lalagyan:
sapagka't ang lahat ng nangagtatangan ng tabak ay sa
tabak mangamamatay. **53** O inaakala mo baga na hindi ako
makapamamanhik sa aking Ama, at padadalhan niya ako
ngayon din ng mahigit sa labingdalawang pulutong na mga
anghel? **54** Kung gayo'y paano bagang mangatutupad ang
mga kasulatan, na ganyan ang nauukol na mangyari? **55** Sa
oras na yaon ay sinabi ni Jesus sa mga karamihan, Kayo
baga'y nangagsilabas na waring laban sa isang tulisan, na
may mga tabak at mga panghampas upang dakpin ako?
Araw-araw ay nauupo ako sa templo na nagtuturo, at hindi
ninyo ako dinakip. **56** Datapuwa't nangyari ang lahat ng ito,
upang mangatupad ang mga kasulatan ng mga propeta.
Nang magkagayo'y iniwan siya ng lahat ng mga alagad, at
nagsitakas. **57** At si Jesus ay dinala ng nagsihuli sa kaniya sa
dakilang saserdoteng si Caifas, na doo'y nangagkakapisan
ang mga eskriba at matatanda. **58** Datapuwa't si Pedro'y
sumunod sa kaniya sa malayo, hanggang sa looban ng
dakilang saserdote, at siya'y pumasok, at nakiumpok sa
mga punong kawal, upang makita niya ang wakas. **59** Ang
mga pangulong saserdote nga at ang buong Sanedrin ay
nagsisihanap ng patotoong kabulaanan laban kay Jesus,
upang siya'y kanilang maipapatay; **60** At yao'y hindi nila
nangasumpungan, bagaman maraming nagsiharap na mga
saksing bulaan. Nguni't pagkatapos ay nagsidating ang
dalawa, **61** At nangagsabi, Sinabi ng taong ito, Maigigiba ko
ang templo ng Dios, at muling itatayo ko sa tatlong araw. **62**
At nagtindig ang dakilang saserdote, at sinabi sa kaniya,
Wala kang isinasagot na anoman? Ano itong sinasaksihan
ng mga ito laban sa iyo? **63** Datapuwa't hindi umimik si
Jesus. At sinabi ng dakilang saserdote sa kaniya, Kita'y
pinapanunumpa alangalang sa Dios na buhay, na sabihin
mo sa amin kung ikaw nga ang Cristo, ang Anak ng Dios.
**64** At sinabi sa kaniya ni Jesus, Ikaw ang nagsabi: gayon
ma'y sinasabi ko sa inyo, Buhat ngayon ay inyong makikita
ang Anak ng tao na nakaupo sa kanan ng Kapangyarihan,
at pumaparitong nasa mga alapaap ng langit. **65** Nang
magkagayo'y hinapak ng dakilang saserdote ang kaniyang
mga damit, na sinasabi, Nagsalita siya ng kapusungan: ano
pa ang kailangan natin ng mga saksi? narito, ngayo'y narinig
ninyo ang kapusungan: **66** Ano ang akala ninyo? Nagsisagot
sila at kanilang sinabi, Karapatdapat siya sa kamatayan.
**67** Nang magkagayo'y niluraan nila ang kaniyang mukha
at siya'y kanilang pinagsusuntok: at tinatampal siya ng
mga iba, **68** Na nangagsasabi, Hulaan mo sa amin, ikaw
Cristo: sino ang sa iyo'y bumubugbog? **69** Nakaupo nga si
Pedro sa labas ng looban: at lumapit sa kaniya ang isang
alilang babae, na nagsasabi, Ikaw man ay kasama ng taga
Galileang si Jesus. **70** Datapuwa't siya'y kumaila sa harap
nilang lahat, na sinasabi, Hindi ko nalalaman ang sinasabi
mo. **71** At paglabas niya sa portiko ay nakita siya ng ibang
alila, at sinabi sa nangaroon, Ang taong ito ay kasama rin
ni Jesus na taga Nazaret. **72** At muling kumailang may
sumpa, Hindi ko nakikilala ang tao. **73** At pagkaraan ng
sandali ay nagsilapit ang nangakatayo roon at kanilang
sinabi kay Pedro, Sa katotohanang ikaw man ay isa rin sa
kanila; sapagka't ipinakikilala ka ng iyong pananalita. **74**
Nang magkagayo'y nagpasimula siyang manungayaw at
manumpa, Hindi ko nakikilala ang tao. At pagdaka'y tumilaok

ang manok. **75** At naalaala ni Pedro ang salitang sinabi ni
Jesus, Bago tumilaok ang manok, ay ikakaila mo akong
makaitlo. At siya'y lumabas at nanangis na mainam.

**27** Pagka umaga nga, ang lahat ng mga pangulong
saserdote at ang matatanda sa bayan ay
nangagsanggunian laban kay Jesus upang siya'y ipapatay:
**2** At siya'y ginapos nila, at siya'y inilabas, at kanilang ibinigay
siya kay Pilato na gobernador. **3** Nang magkagayo'y si
Judas, na nagkanulo sa kaniya, pagkakitang siya'y nahatulan
na, ay nagsisi, at isinauli ang tatlongpung putol na pilak sa
mga pangulong saserdote at sa matatanda, **4** Na sinasabi,
Nagkasala ako sa aking pagkakanulo sa dugong walang
kasalanan. Datapuwa't kanilang sinabi, Ano sa amin? ikaw
ang bahala niyan. **5** At kaniyang ibinulaksak sa santuario ang
mga putol na pilak, at umalis; at siya'y yumaon at nagbigti. **6**
At kinuha ng mga pangulong saserdote ang mga putol na
pilak, at sinabi, Hindi matuwid na ilagay ang pilak na iyan
sa kabang-yaman, sapagka't halaga ng dugo. **7** At sila'y
nangagsanggunian, at ibinili nila ang mga yaon ng bukid ng
magpapalyok, upang paglibingan ng mga taga ibang bayan.
**8** Dahil dito'y tinawag ang bukid na yaon, ang bukid ng
dugo, hanggang ngayon. **9** Nang magkagayo'y natupad ang
sinalita sa pamamagitan ng propeta Jeremias, na nagsasabi,
At kinuha nila ang tatlongpung putol na pilak, halaga noong
hinalagahan, na inihalaga ng mga anak ng Israel; **10** At
kanilang ibinigay ang mga yaon na pinakabayad sa bukid
ng magpapalyok, ayon sa iniutos sa akin ng Panginoon.
**11** Si Jesus nga ay nakatayo sa harap ng gobernador: at
tinanong siya ng gobernador, na nagsasabi, Ikaw baga
ang Hari ng mga Judio? At sinabi sa kaniya ni Jesus,
Ikaw ang nagsasabi. **12** At nang siya'y isakdal ng mga
pangulong saserdote at ng matatanda, ay hindi siya sumagot
ng anoman. **13** Nang magkagayo'y sinabi sa kaniya ni Pilato,
Hindi mo baga naririnig kung gaano karaming bagay ang
kanilang sinasaksihang laban sa iyo? **14** At hindi siya sinagot
niya, ng kahit isang salita man lamang: ano pa't nanggilalas
na mainam ang gobernador. **15** Sa kapistahan nga ay
pinagkaugalian ng gobernador na pawalan sa karamihan
ang isang bilanggo, na sinoman ang kanilang ibigin. **16**
At noo'y sila'y may isang bilanggong bantog, na tinatawag
na Barrabas. **17** Nang sila'y mangagkatipon nga, ay sinabi
sa kanila ni Pilato, Sino ang ibig ninyong sa inyo'y aking
pawalan? si Barrabas, o si Jesus na tinatawag na Cristo? **18**
Sapagka't natatalastas niya na dahil sa kapanaghilian ay
ibinigay siya nila sa kaniya. **19** At samantalang nakaupo
siya sa luklukan ng pagkahukom, ay nagsugo sa kaniya ang
kaniyang asawa, na nagsasabi, Huwag kang makialam sa
matuwid na taong iyan; sapagka't ngayong araw na ito'y
naghirap ako ng maraming bagay sa panaginip dahil sa
kaniya. **20** Inudyukan ng mga pangulong saserdote at ng
matatanda ang mga karamihan na hingin nila si Barrabas, at
puksain si Jesus. **21** Datapuwa't sumagot ang gobernador at
sa kanila'y sinabi, Alin sa dalawa ang ibig ninyong sa inyo'y
aking pawalan? At sinabi nila, Si Barrabas. **22** Sinabi sa
kanila ni Pilato, Ano ang gagawin kay Jesus na tinatawag
na Cristo? Sinabi nilang lahat, Mapako siya sa krus. **23** At
sinabi niya, Bakit, anong kasamaan ang kaniyang ginawa?
Datapuwa't sila'y lalong nangagsigawan, na nangagsasabi,
Mapako siya sa krus. **24** Kaya't nang makita ni Pilato na
wala siyang magawa, kundi bagkus pa ngang lumalala ang
kaguluhan, siya'y kumuha ng tubig, at naghugas ng kaniyang
mga kamay sa harap ng karamihan, na sinasabi, Wala akong
kasalanan sa dugo nitong matuwid na tao; kayo ang bahala
niyan. **25** At sumagot ang buong bayan at nagsabi, Mapasa
amin ang kaniyang dugo, at sa aming mga anak. **26** Nang
magkagayo'y pinawalan niya sa kanila si Barrabas; nguni't si
Jesus ay hinampas at ibinigay upang ipako sa krus. **27** Nang
magkagayo'y dinala si Jesus ng mga kawal ng gobernador
sa Pretorio, at nagkatipon sa kaniya ang buong pulutong.
**28** At siya'y kanilang hinubdan, at dinamtan siya ng isang
balabal na kulay-ube. **29** At sila'y nangagkamakama ng isang
putong na tinik, at ipinutong sa kaniyang ulo, at inilagay sa
kanang kamay niya ang isang tambo; at sila'y nagsiluhod
sa harap niya at siya'y kanilang nilibak, na nagsisipagsabi,
Magalak, Hari ng mga Judio! **30** At siya'y kanilang niluluraan,
at kinuha nila ang tambo at sinaktan siya sa ulo. **31** At
nang siya'y kanilang malibak, ay hinubdan nila siya ng
balabal, at isinuot sa kaniya ang kaniyang mga damit, at
kanilang inilabas siya upang ipako sa krus. **32** At paglabas
nila'y kanilang nasalubong ang isang taong taga Cirene, na
ang pangala'y Simon: ito'y kanilang pinilit na sumama sa
kanila, upang pasanin niya ang kaniyang krus. **33** At nang
sila'y magsirating sa isang dakong tinatawag na Golgota,
sa makatuwid baga'y, Ang dako ng bungo, **34** Ay pinainom
nila siya ng alak na may kahalong apdo: at nang kaniyang
matikman, ay ayaw niyang inumin. **35** At nang siya'y kanilang
maipako sa krus ay kanilang binahagi ang kaniyang mga
damit, na kanilang pinagsapalaran; **36** At sila'y nangagsiupo
at binantayan siya roon. **37** At inilagay nila sa kaniyang
ulunan ang pamagat sa kaniya, na nasusulat: ITO'Y SI
JESUS, ANG HARI NG MGA JUDIO. **38** Nang magkagayo'y
ipinakong kasama niya ang dalawang tulisan, isa sa kanan
at isa sa kaliwa. **39** At siya'y nililibak ng nangagdaraan,
na iginagalaw ang kanilang mga ulo, **40** At nangagsasabi,
Ikaw na igigiba mo ang templo, at sa tatlong araw ay iyong
itatayo, iyong iligtas ang sarili mo: kung ikaw ay Anak ng
Dios, ay bumaba ka sa krus. **41** Gayon din naman ang
paglibak sa kaniya ng mga pangulong saserdote, pati ng

mga eskriba at ng matatanda, na nagsipagsabi, 42 Nagligtas
siya sa mga iba; sa kaniyang sarili ay hindi makapagligtas.
Siya ang Hari ng Israel; bumaba siya ngayon sa krus, at
tayo'y magsisisampalataya sa kaniya. 43 Nananalig siya sa
Dios; iligtas niya siya ngayon, kung siya'y iniibig: sapagka't
sinabi niya, Ako'y Anak ng Dios. 44 At minumura din naman
siya ng mga tulisang kasama niyang nangapapako sa krus.
45 Mula nga nang oras na ikaanim ay nagdilim sa ibabaw
ng buong sangkalupaan hanggang sa oras na ikasiyam.
46 At nang malapit na ang oras na ikasiyam ay sumigaw
si Jesus ng malakas na tinig, na sinasabi: Eli, Eli, lama
sabachthani? sa makatuwid baga'y, Dios ko, Dios ko bakit
mo ako pinabayaan? 47 At nang marinig ito ng ilan sa
nangakatayo roon, ay sinabi, Tinatawag ng taong ito si Elias.
48 At pagkaraka'y tumakbo ang isa sa kanila, at kumuha ng
isang espongha, at binasa ng suka, saka inilagay sa isang
tambo, at ipinainom sa kaniya. 49 At sinabi ng mga iba,
Pabayaan ninyo; tingnan natin kung paririto si Elias upang
siya'y iligtas. 50 At muling sumigaw si Jesus ng malakas
na tinig, at nalagot ang kaniyang hininga. 51 At narito, ang
tabing ng templo'y nahapak na nagkadalawa buhat sa itaas
hanggang sa ibaba; at nayanig ang lupa; at nangabaak
ang mga bato; 52 At nangabuksan ang mga libingan; at
maraming katawan ng mga banal na nangakatulog ay
nangagbangon; 53 At paglabas sa mga libingan pagkatapos
na siya'y mabuhay na maguli ay nagsipasok sila sa bayang
banal at nangapakita sa marami. 54 Ang senturion nga, at
ang mga kasamahan niya sa pagbabantay kay Jesus, nang
mangakita nila ang lindol, at ang mga bagay na nangyari, ay
lubhang nangatakot, na nangagsasabi, Tunay na ito ang
Anak ng Dios. 55 At nangaroroon ang maraming babae na
nagsisipanood buhat sa malayo, na nagsisunod kay Jesus
buhat sa Galilea, na siya'y kanilang pinaglilingkuran: 56 Na
sa mga yaon ay si Maria Magdalena, at si Maria na ina ni
Santiago at ni Jose, at ang ina ng mga anak ni Zebedeo.
57 At nang hapon na ay dumating ang isang mayamang
mula sa Arimatea, na nagngangalang Jose, na ito'y naging
alagad din naman ni Jesus; 58 Ang taong ito'y naparoon kay
Pilato, at hiningi ang bangkay ni Jesus. Nang magkagayo'y
ipinagutos ni Pilato na ibigay yaon. 59 At kinuha ni Jose ang
bangkay at binalot niya ng isang malinis na kayong lino, 60
At inilagay sa kaniyang sariling bagong libingan, na kaniyang
hinukay sa bato: at iginulong niya ang isang malaking bato
sa pintuan ng libingan, at umalis. 61 At nangaroon si Maria
Magdalena, at ang isang Maria, at nangakaupo sa tapat
ng libingan. 62 Nang kinabukasan nga, na siyang araw
pagkatapos ng Paghahanda, ay nangagkatipon kay Pilato
ang mga pangulong saserdote at ang mga Fariseo, 63
Na nagsisipagsabi, Ginoo, naaalaala namin na sinabi ng
magdarayang yaon nang nabubuhay pa, Pagkaraan ng
tatlong araw ay magbabangon akong muli. 64 Ipagutos mo
nga na ingatan ang libingan hanggang sa ikatlong araw, baka
sakaling magsiparoon ang kaniyang mga alagad at siya'y
nakawin, at sabihin sa bayan, Siya'y nagbangon sa gitna ng
mga patay: at lalong sasama ang huling kamalian. 65 Sinabi
sa kanila ni Pilato, Mayroon kayong bantay: magsiparoon
kayo, inyong ingatan ayon sa inyong makakaya. 66 Kaya't
sila'y nagsiparoon, at iningatan nila ang libingan, tinatakan
ang bato, na kasama nila ang bantay.

**28** Nang magtatapos ang araw ng sabbath, nang
nagbubukang liwayway na ang unang araw ng
sanglinggo, ay nagsiparoon si Maria Magdalena at ang
isa pang Maria upang tingnan ang libingan. 2 At narito,
lumindol ng malakas; sapagka't bumaba mula sa langit ang
isang anghel ng Panginoon, at naparoon at iginulong ang
bato, at nakaupo sa ibabaw nito. 3 Ang kaniyang anyo ay
tulad sa kidlat, at ang kaniyang pananamit ay maputing
parang niebe: 4 At sa takot sa kaniya'y nagsipanginig ang
mga bantay, at nangaging tulad sa mga taong patay. 5 At
sumagot ang anghel at sinabi sa mga babae, Huwag kayong
mangatakot; sapagka't nalalaman ko na inyong hinahanap si
Jesus na ipinako sa krus. 6 Siya'y wala rito; sapagka't siya'y
nagbangon, ayon sa sinabi niya. Magsiparito kayo, tingnan
ninyo ang dakong kinalagyan ng Panginoon. 7 At magsiyaon
kayong madali, at sa kaniyang mga alagad ay sabihin ninyo,
Siya'y nagbangon sa mga patay; at narito, siya'y nangunguna
sa inyo sa Galilea; doon makikita ninyo siya: narito, nasabi
ko na sa inyo. 8 At sila'y nagsialis na madali sa libingan na
taglay ang takot at ang malaking galak, at nagsitakbo upang
ibalita sa kaniyang mga alagad. 9 At narito, sila'y sinalubong
ni Jesus na nagsasabi, Mangagalak kayo. At sila'y nagsilapit
at niyakap ang kaniyang mga paa, at siya'y sinamba. 10
Nang magkagayo'y sinabi sa kanila ni Jesus, Huwag kayong
mangatakot: magsiyaon kayo at sabihin ninyo sa aking mga
kapatid na magsiparoon sa Galilea, at doo'y makikita nila
ako. 11 Samantala ngang sila'y nagsisiparoon, narito, ang ilan
sa mga bantay ay nagsiparoon sa bayan, at ibinalita sa mga
pangulong saserdote ang lahat ng mga bagay na nangyari.
12 At nang sila'y mangakipagkatipon na sa matatanda, at
makapagsanggunian na, ay nangagbigay sila ng maraming
salapi sa mga kawal, 13 Na nangagsasabi, Sabihin ninyo,
Nagsiparito nang gabi ang kaniyang mga alagad, at siya'y
kanilang ninakaw samantalang kami'y nangatutulog. 14
At kung ito'y dumating sa tainga ng gobernador, ay siya'y
aming hihikayatin, at kayo'y aming ilalagay sa panatag. 15
Kaya't kinuha nila ang salapi, at kanilang ginawa alinsunod
sa pagkaturo sa kanila: at ang pananalitang ito ay kumalat
sa gitna ng mga Judio, at nananatili hanggang sa mga araw

na ito. 16 Datapuwa't nagsiparoon ang labingisang alagad
sa Galilea, sa bundok na sa kanila'y itinuro ni Jesus. 17
At nang siya'y kanilang makita, ay kanilang sinamba siya;
datapuwa't ang ilan ay nangagalinlangan. 18 At lumapit si
Jesus sa kanila at sila'y kaniyang kinausap, na sinasabi,
Ang lahat ng kapamahalaan sa langit at sa ibabaw ng lupa
ay naibigay na sa akin. 19 Dahil dito magsiyaon nga kayo, at
gawin ninyong mga alagad ang lahat ng mga bansa, na
sila'y inyong bautismuhan sa pangalan ng Ama at ng Anak
at ng Espiritu Santo: 20 Na ituro ninyo sa kanila na kanilang
ganapin ang lahat ng mga bagay na iniutos ko sa inyo: at
narito, ako'y sumasa inyong palagi, hanggang sa katapusan
ng sanglibutan. **(aiōn g165)**

# Marcos

**1** Ang pasimula ng evangelio ni Jesucristo, ang Anak
ng Dios. **2** Ayon sa pagkasulat kay Isaias na propeta,
Narito, sinusugo ko ang aking sugo sa unahan ng iyong
mukha, Na maghahanda ng iyong daan; **3** Ang tinig ng isang
sumisigaw sa ilang, Ihanda ninyo ang daan ng Panginoon,
Tuwirin ninyo ang kaniyang mga landas; **4** Dumating si Juan,
na nagbabautismo sa ilang at ipinangaral ang bautismo
ng pagsisisi sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan. **5**
At nilalabas siya ng buong lupain ng Judea, at nilang
lahat na mga taga Jerusalem; at sila'y binabautismuhan
niya sa ilog ng Jordan, na nangagpapahayag ng kanilang
mga kasalanan. **6** At si Juan ay nananamit ng balahibo
ng kamelyo, at may isang pamigkis na katad sa palibot
ng kaniyang baywang, at kumakain ng mga balang at
pulot-pukyutan. **7** At siya'y nangangaral, na nagsasabi,
Sumusunod sa hulihan ko ang lalong makapangyarihan kay
sa akin; hindi ako karapatdapat yumukod at kumalag ng tali
ng kaniyang mga pangyapak. **8** Binabautismuhan ko kayo
sa tubig; datapuwa't kayo'y babautismuhan niya sa Espiritu
Santo. **9** At nangyari nang mga araw na yaon, na nanggaling
si Jesus sa Nazaret ng Galilea, at siya'y binautismuhan ni
Juan sa Jordan. **10** At karakarakang pagahon sa tubig, ay
nakita niyang biglang nangabuksan ang mga langit, at ang
Espiritu na tulad sa isang kalapati na bumababa sa kaniya:
**11** At may isang tinig na nagmula sa mga langit, Ikaw ang
sinisinta kong Anak, sa iyo ako lubos na nalulugod. **12** At
pagdaka'y itinaboy siya ng Espiritu sa ilang. **13** At siya'y
nasa ilang na apat na pung araw na tinutukso ni Satanas;
at kasama siya ng mga ganid; at pinaglingkuran siya ng
mga anghel. **14** Pagkatapos ngang madakip si Juan, ay
napasa Galilea si Jesus na ipinangangaral ang evangelio
ng Dios, **15** At sinasabi, Naganap na ang panahon, at
malapit na ang kaharian ng Dios: kayo'y mangagsisi, at
magsisampalataya sa evangelio. **16** At pagdaraan sa tabi
ng dagat ng Galilea, ay nakita niya si Simon at si Andres
na kapatid ni Simon na naghahagis ng lambat sa dagat;
sapagka't sila'y mga mamamalakaya. **17** At sinabi sa kanila
ni Jesus, Magsisunod kayo sa aking hulihan, at gagawin ko
kayong mga mamamalakaya ng mga tao. **18** At pagdaka'y
iniwan nila ang mga lambat, at nagsisunod sa kaniya. **19**
At paglakad sa dako pa roon ng kaunti, ay nakita niya
si Santiago na anak ni Zebedeo, at si Juan na kaniyang
kapatid, na sila rin naman ay nangasa daong na hinahayuma
ang mga lambat. **20** At pagdaka'y kaniyang tinawag sila: at
kanilang iniwan sa daong ang kanilang amang si Zebedeo
na kasama ng mga aliping upahan, at nagsisunod sa kaniya.
**21** At nagsipasok sila sa Capernaum; at pagdaka'y pumasok
siya sa sinagoga nang araw ng sabbath at nagtuturo. **22** At
nangagtaka sila sa kaniyang aral: sapagka't sila'y tinuturuan
niyang tulad sa may kapamahalaan, at hindi gaya ng mga
eskriba. **23** At pagdaka'y may isang tao sa kanilang sinagoga
na may isang karumaldumal na espiritu; at siya'y sumigaw,
**24** Na nagsasabi, Anong pakialam namin sa iyo, Jesus ikaw
na Nazareno? naparito ka baga upang kami'y puksain?
Nakikilala kita kung sino ka, ang Banal ng Dios. **25** At sinaway
siya ni Jesus, na nagsasabi, Tumahimik ka, at lumabas
ka sa kaniya. **26** At ang karumaldumal na espiritu, nang
mapangatal niya siya at makapagsisigaw ng malakas na tinig,
ay lumabas sa kaniya. **27** At silang lahat ay nangagtaka, ano
pa't sila-sila rin ay nangagtatanungan, na sinasabi, Ano kaya
ito? isang bagong aral yata! may kapamahalaang naguutos
pati sa mga karumaldumal na espiritu, at siya'y tinatalima
nila. **28** At lumipana pagdaka ang pagkabantog niya sa
lahat ng dako sa buong palibotlibot ng lupain ng Galilea. **29**
At paglabas nila sa sinagoga, ay nagsipasok pagdaka sa
bahay ni Simon at ni Andres, na kasama si Santiago at si
Juan. **30** Nakahiga ngang nilalagnat ang biyanang babae
ni Simon; at pagdaka'y pinakiusapan nila siya tungkol sa
kaniya: **31** At lumapit siya at tinangnan niya sa kamay, at
siya'y itinindig; at inibsan siya ng lagnat, at siya'y naglingkod
sa kanila. **32** At nang kinagabihan, paglubog ng araw, ay
kanilang dinala sa kaniya ang lahat ng mga may-sakit,
at ang mga inaalihan ng mga demonio. **33** At ang buong
bayan ay nangagkatipon sa pintuan. **34** At nagpagaling
siya ng maraming may karamdaman ng sarisaring sakit,
at nagpalabas ng maraming demonio; at hindi tinulutang
magsipagsalita ang mga demonio, sapagka't siya'y kanilang
kilala. **35** At nagbangon siya nang madaling-araw, na malalim
pa ang gabi, at lumabas, at napasa isang dakong ilang, at
doo'y nanalangin. **36** At si Simon at ang kasamahan niya
ay nagsisunod sa kaniya; **37** At siya'y nasumpungan nila,
at sinabi sa kaniya, Hinahanap ka ng lahat. **38** At sinabi
niya sa kanila, Magsiparoon tayo sa ibang dako ng mga
kalapit na bayan, upang ako'y makapangaral din naman
doon; sapagka't sa ganitong dahilan ako'y naparito. **39** At
siya'y pumasok sa mga sinagoga nila sa buong Galilea, na
nangangaral at nagpapalabas ng mga demonio. **40** At lumapit
sa kaniya ang isang ketongin, na namamanhik sa kaniya, at
nanikluhod sa kaniya, at sa kaniya'y nagsasabi, Kung ibig
mo, ay maaaring malinis mo ako. **41** At sa pagkaawa ay
iniunat niya ang kaniyang kamay, at siya'y hinipo, at sinabi
sa kaniya, Ibig ko; luminis ka. **42** At pagdaka'y nawalan
siya ng ketong, at siya'y nalinis. **43** At siya'y kaniyang
pinagbilinang mahigpit, at pinaalis siya pagdaka, **44** At
sinabi sa kaniya, Ingatan mong huwag sabihin sa kanino
mang tao ang anoman: kundi yumaon ka, at pakita ka sa

saserdote, at maghandog ka sa pagkalinis sa iyo ng mga
bagay na ipinagutos ni Moises, na bilang isang patotoo
sa kanila. 45 Datapuwa't siya'y umalis, at pinasimulang
ipamalitang mainam, at ipahayag ang nangyari, ano pa't
hindi na makapasok ng hayag si Jesus sa bayan, kundi
dumoon sa labas sa mga dakong ilang: at pinagsasadya nila
siya mula sa lahat ng panig.

2 At nang siya'y pumasok uli sa Capernaum pagkaraan
ng ilang araw, ay nahayag na siya'y nasa bahay. 2 At
maraming nagkatipon, ano pa't hindi na magkasiya, kahit sa
pintuan man: at sa kanila'y sinaysay niya ang salita. 3 At
sila'y nagsidating, na may dalang isang lalaking lumpo sa
kaniya, na usong ng apat. 4 At nang hindi sila mangakalapit
sa kaniya dahil sa karamihan, ay kanilang binakbak ang
bubungan ng kaniyang kinaroroonan: at nang yao'y kanilang
masira, ay inihugos nila ang higaang kinahihigan ng lumpo. 5
At pagkakita ni Jesus sa kanilang pananampalataya ay sinabi
sa lumpo, Anak, ipinatatawad ang iyong mga kasalanan. 6
Nguni't mayroon doong nangakaupong ilan sa mga eskriba,
at nangagbubulaybulay sa kanilang mga puso, 7 Bakit
nagsasalita ang taong ito ng ganito? siya'y namumusong:
sino ang makapagpapatawad ng mga kasalanan kundi isa,
ang Dios lamang? 8 At pagkaunawa ni Jesus, sa kaniyang
espiritu na sila'y nangagbubulaybulay sa kanilang sarili,
pagdaka'y sinabi sa kanila, Bakit binubulaybulay ninyo ang
mga bagay na ito sa inyong mga puso? 9 Alin baga ang
lalong magaang sabihin sa lumpo, Ipinatatawad ang iyong
mga kasalanan; o sabihin, Magtindig ka, at buhatin mo
ang iyong higaan, at lumakad ka? 10 Datapuwa't upang
maalaman ninyo na ang Anak ng tao ay may kapamahalaan
sa lupa na magpatawad ng mga kasalanan (sinabi niya
sa lumpo), 11 Sa iyo ko sinasabi, Magtindig ka, buhatin
mo ang iyong higaan, at umuwi ka sa bahay mo. 12 At
nagtindig siya, at pagdaka'y binuhat ang higaan, at yumaon
sa harap nilang lahat; ano pa't nangagtaka silang lahat,
at niluwalhati nila ang Dios, na nangagsabi, Kailan ma'y
hindi tayo nakakita ng ganito. 13 At muling lumabas at
naparoon siya sa tabi ng dagat; at lumapit sa kaniya ang
buong karamihan, at sila'y kaniyang tinuruan. 14 At sa
kaniyang pagdaraan, ay nakita niya si Levi na anak ni Alfeo
na nakaupo sa paningilan ng buwis, at sinabi niya sa kaniya,
Sumunod ka sa akin. At nagtindig siya at sumunod sa
kaniya. 15 At nangyari, na siya'y nakaupo sa pagkain sa
kaniyang bahay, at maraming maniningil ng buwis at mga
makasalanang nagsiupong kasalo ni Jesus at ng kaniyang
mga alagad: sapagka't sila'y marami, at sila'y nagsisunod sa
kaniya. 16 At nang makita ng mga eskriba at mga Fariseo,
na siya'y kumakaing kasalo ng mga makasalanan at ng
mga maniningil ng buwis, ay nagsipagsabi sa kaniyang mga
alagad, Ano ito na siya'y kumakain at umiinom na kasalo
ng mga maniningil ng buwis at ng mga makasalanan? 17
At nang ito'y marinig ni Jesus, ay sinabi niya sa kanila,
Hindi nangangailangan ng manggagamot ang mga walang
sakit, kundi ang mga maysakit: hindi ako naparito upang
tumawag ng mga matuwid, kundi ng mga makasalanan. 18 At
nangagaayuno ang mga alagad ni Juan at ang mga Fariseo:
at sila'y nagsilapit at sinabi sa kaniya, Bakit nangagaayuno
ang mga alagad ni Juan at ang mga alagad ng mga Fariseo,
datapuwa't hindi nangagaayuno ang iyong mga alagad? 19 At
sinabi sa kanila ni Jesus, Mangyayari bagang mangagayuno
ang mga abay sa kasalan, samantalang ang kasintahang-
lalake ay sumasa kanila? samantalang ang kasintahang-
lalake ay sumasa kanila, ay hindi sila mangakapagaayuno. 20
Datapuwa't darating ang mga araw, na aalisin sa kanila ang
kasintahang-lalake, at kung magkagayo'y mangagaayuno
sila sa araw na yaon. 21 Walang taong nagtatagpi ng matibay
na kayo sa damit na luma: sa ibang paraan ang itinagpi ay
binabatak ang tinagpian, sa makatuwid baga'y ang bago
sa luma, at lalong lumalala ang punit. 22 At walang taong
nagsisilid ng bagong alak sa mga balat na luma; sa ibang
paraan ay pinupunit ng alak ang mga balat at nabububo
ang alak at nasisira ang mga balat: kundi ang alak na
bago ay isinisilid sa mga bagong balat. 23 At nangyari,
na nagdaraan siya sa mga bukiran ng trigo nang araw ng
sabbath; at ang mga alagad niya, samantalang nagsisilakad,
ay nagpasimulang nagsikitil ng mga uhay. 24 At sinabi
sa kaniya ng mga Fariseo, Narito, bakit ginagawa nila sa
araw ng sabbath ang hindi matuwid? 25 At sinabi niya sa
kanila, Kailan man baga'y hindi ninyo nabasa ang ginawa ni
David, nang siya'y mangailangan, at magutom, siya, at ang
kaniyang mga kasamahan? 26 Kung paanong pumasok siya
sa bahay ng Dios nang panahon ng dakilang saserdoteng
si Abiatar, at kumain siya ng tinapay na itinalaga, na hindi
matuwid kanin maliban na sa mga saserdote lamang, at
binigyan pa rin niya ang kaniyang mga kasamahan? 27 At
sinabi niya sa kanila, Ginawa ang sabbath ng dahil sa tao, at
di ang tao ng dahil sa sabbath: 28 Kaya't ang Anak ng tao
ay panginoon din naman ng sabbath.

3 At siya'y muling pumasok sa sinagoga; at doo'y may
isang lalake na tuyo ang kaniyang kamay. 2 At siya'y
inaabangan nila kung pagagalingin siya sa araw ng sabbath;
upang siya'y maisakdal nila. 3 At sinabi sa lalaking tuyo ang
kamay, Magtindig ka. 4 At sinabi niya sa kanila, Katuwiran
baga ang gumawa ng magaling sa araw ng sabbath, o
ang gumawa ng masama? magligtas ng isang buhay, o
pumatay? Datapuwa't sila'y hindi nagsiimik. 5 At nang siya'y
lumingap sa kanila sa palibotlibot na may galit, sapagka't
ikinalungkot niya ang katigasan ng kanilang puso, ay sinabi

niya sa lalake, Iunat mo ang iyong kamay. At iniunat niya: at
gumaling ang kaniyang kamay. **6** At nagsilabas ang mga
Fariseo, at pagdaka'y nakipagsanggunian sa mga Herodiano
laban sa kaniya, kung paanong siya'y maipapupuksa nila. **7**
At si Jesus na kasama ng kaniyang mga alagad ay lumigpit
sa dagat: at nagsisunod sa kaniya ang lubhang karamihang
taong mula sa Galilea; at mula sa Judea, **8** At mula sa
Jerusalem, at mula sa Idumea, at mula sa dakong ibayo
ng Jordan, at sa palibotlibot ng Tiro, at Sidon, na lubhang
maraming tao, nang mabalitaan ang lubhang mga dakilang
bagay na kaniyang ginagawa, ay nagsiparoon sa kaniya. **9**
At sinabi niya sa kaniyang mga alagad, na ihanda sa kaniya
ang isang maliit na daong dahil sa karamihan, baka siya'y
kanilang siksikin: **10** Sapagka't siya'y nakapagpagaling sa
marami; ano pa't sinisiksik siya ng lahat ng mga nasasalot
upang siya'y mahipo nila. **11** At ang mga karumaldumal na
espiritu, pagkakita sa kaniya, ay nangagpatirapa sa kaniyang
harapan, at nangagsisisigaw, na nangagsasabi, Ikaw ang
Anak ng Dios. **12** At ipinagbilin niya sa kanilang mahigpit
na siya'y huwag nilang ihayag. **13** At siya'y umahon sa
bundok, at tinawag niya ang balang kaniyang maibigan: at
nagsilapit sila sa kaniya. **14** At naghalal siya ng labingdalawa,
upang sila'y makisama sa kaniya, at upang sila'y suguin
niyang magsipangaral, **15** At magkaroon ng kapamahalaang
magpalayas ng mga demonio: **16** At si Simon ay kaniyang
pinamagatang Pedro; **17** At si Santiago na anak ni Zebedeo,
at si Juan na kapatid ni Santiago; at sila'y pinamagatan
niyang Boanerges, na sa makatuwid baga'y mga Anak ng
kulog: **18** At si Andres, at si Felipe, at si Bartolome, at si
Mateo, at si Tomas, at si Santiago, na anak ni Alfeo, at si
Tadeo, at si Simon ang Cananeo, **19** At si Judas Iscariote,
na siya ring nagkanulo sa kaniya. At pumasok siya sa isang
bahay. **20** At muling nagkatipon ang karamihan, ano pa't
sila'y hindi man lamang makakain ng tinapay. **21** At nang
mabalitaan yaon ng kaniyang mga kaibigan, ay nagsilabas
sila upang siya'y hulihin: sapagka't kanilang sinabi, Sira ang
kaniyang bait. **22** At sinabi ng mga eskriba na nagsibaba
mula sa Jerusalem, Nasa kaniya si Beelzebub, at, Sa
pamamagitan ng prinsipe ng mga demonio ay nagpapalabas
siya ng mga demonio. **23** At sila'y kaniyang pinalapit sa
kaniya, at sinabi sa kanila sa mga talinghaga, Paanong
mapalalabas ni Satanas si Satanas? **24** At kung ang isang
kaharian ay magkabahabahagi laban sa kaniyang sarili,
hindi mangyayaring makapanatili ang kaharian yaon. **25**
At kung ang isang bahay ay magkabahabahagi laban sa
kaniyang sarili, ay hindi mangyayaring makapanatili ang
bahay na yaon. **26** At kung manghihimagsik si Satanas
laban sa kaniyang sarili, at magkabahabahagi, hindi siya
makapananatili, kundi magkakaroon ng isang wakas. **27**
Datapuwa't walang makapapasok sa bahay ng malakas na
tao, at samsamin ang kaniyang mga pag-aari, malibang
gapusin muna niya ang malakas na tao; at kung magkagayo'y
masasamsaman ang kaniyang bahay. **28** Katotohanang
sinasabi ko sa inyo, Ipatatawad ang lahat ng kanilang mga
kasalanan sa mga anak ng mga tao, at ang mga kapusungan
nila kailan ma't sila'y mangagsasalita ng kapusungan: **29**
Datapuwa't sinomang magsalita ng kapusungan laban sa
Espiritu Santo ay walang kapatawaran magpakailan man,
kundi may kasalanan ng isang kasalanang walang hanggan:
**(aiōn g165, aiōnios g166)** **30** Sapagka't sinabi nila, Siya'y may
isang karumaldumal na espiritu. **31** At dumating nga ang
kaniyang ina at ang kaniyang mga kapatid; at, palibhasa'y
nangakatayo sila sa labas, ay nangagpasugo sila sa kaniya,
na siya'y tinatawag. **32** At nangakaupo ang isang karamihan
sa palibot niya; at sinabi nila sa kaniya, Narito, nangasa
labas ang iyong ina at ang iyong mga kapatid na hinahanap
ka. **33** At sinagot niya sila, at sinabi, Sino ang aking ina at
aking mga kapatid? **34** At paglingap niya sa nangakaupo
sa palibot niya, ay sinabi niya, Narito, ang aking ina at
aking mga kapatid! **35** Sapagka't sinomang gumaganap ng
kalooban ng Dios, ito'y ang aking kapatid na lalake, at aking
kapatid na babae, at ina.

**4** At siya'y muling nagpasimulang magturo sa tabi ng dagat.
At nagpipisan sa kaniya ang lubhang maraming tao,
ano pa't siya'y lumulan sa isang daong, at siya'y naupo
sa dagat; at ang buong karamihan ay nasa lupa sa tabi
ng dagat. **2** At sila'y tinuruan niya ng maraming bagay sa
mga talinghaga, at sinabi sa kanila sa kaniyang pagtuturo,
**3** Pakinggan ninyo: Narito, ang manghahasik ay yumaon
upang maghasik: **4** At nangyari, sa kaniyang paghahasik,
na ang ilang binhi ay nangahulog sa tabi ng daan, at
nagsidating ang mga ibon at kinain ito. **5** At ang mga iba'y
nangahulog sa batuhan, na doo'y walang maraming lupa;
at pagdaka'y sumibol, sapagka't hindi malalim ang lupa:
**6** At nang sumikat ang araw, ay nangainitan; at dahil sa
walang ugat, ay nangatuyo. **7** At ang mga iba'y nangahulog
sa dawagan, at nagsilaki ang mga dawag, at ininis ang
mga pananim, at ito'y hindi nangamunga. **8** At ang mga
iba'y nangahulog sa mabuting lupa, at nangamunga, na
nagsitaas at nagsilago; at may namunga ng tigtatatlongpu,
at tiganim na pu, at tigisang daan. **9** At sinabi niya, Ang
may mga pakinig na ipakikinig, ay makinig. **10** At nang
siya'y magisa na, ang nangasa palibot niya na kasama
ang labingdalawa ay nangagtanong sa kaniya tungkol sa
mga talinghaga. **11** At sinabi niya sa kanila, Sa inyo ay
ipinagkaloob ang makaalam ng hiwaga ng kaharian ng Dios:
datapuwa't sa kanilang nangasa labas, ang lahat ng mga
bagay ay ginagawa sa pamamagitan ng mga talinghaga:

12 Upang kung magsitingin sila'y mangakakita, at huwag
mamalas; at kung mangakinig sila'y mangakarinig, at huwag
mangakaunawa; baka sakaling sila'y mangagbalikloob, at
patawarin sila. 13 At sinabi niya sa kanila, Hindi baga ninyo
nalalaman ang talinghagang ito? at paanong malalaman
ninyo ang lahat ng mga talinghaga? 14 Ang manghahasik ay
naghahasik ng salita. 15 At ang mga ito'y yaong nangasa
tabi ng daan, na doon nahahasik ang salita; at nang kanilang
mapakinggan, pagdaka'y pinaroroonan ni Satanas, at inaalis
ang salita na inihasik sa kanila. 16 At gayon din naman
itong mga nahasik sa batuhan, na, pagkarinig nila ng
salita, pagdaka'y nagsisitanggap na may galak; 17 At hindi
nangaguugat sa kanilang sarili, kundi sangdaling tumatagal;
kaya't pagkakaroon ng kapighatian o ng mga paguusig
dahil sa salita, pagdaka'y nangatisod sila. 18 At ang mga
iba'y yaong nangahasik sa dawagan; ang mga ito'y yaong
nangakinig ng salita, 19 At ang mga pagsusumakit na ukol
sa sanglibutan, at ang daya ng mga kayamanan, at ang mga
pita sa ibang mga bagay na nagsisipasok, ang nagsisiinis
sa salita, at ito'y nagiging walang bunga. **(aiōn g165)** 20 At
yaon ang nangahasik sa mabuting lupa; na nangakikinig ng
salita, at tinatanggap ito, at namumunga ng tigtatatlongpu,
at tigaanim na pu, at tigiisang daan. 21 At sinabi niya sa
kanila, Dinadala baga ang ilaw upang ilagay sa ilalim ng
takalan, o sa ilalim ng higaan, at hindi baga upang ilagay sa
talagang lalagayan ng ilaw? 22 Sapagka't walang anomang
bagay na natatago, kundi upang mahayag; ni nalilihim, kundi
yao'y upang mapasa liwanag. 23 Kung ang sinoman ay may
mga pakinig na ipakikinig, ay makinig. 24 At sinabi niya sa
kanila, Ingatan ninyo kung ano ang inyong pinakikinggan: sa
panukat na inyong isinusukat ay kayo'y susukatin; at higit
pa ang sa inyo'y ibibigay. 25 Sapagka't ang mayroon, ay
bibigyan pa; at ang wala, pati ng nasa kaniya ay aalisin pa
sa kaniya. 26 At sinabi niya, Ganyan ang kaharian ng Dios,
na gaya ng isang taong naghahasik ng binhi sa lupa; 27
At natutulog at nagbabangon sa gabi at araw, at sumisibol
at lumalaki ang binhi na di niya nalalaman kung paano.
28 Sa kaniyang sarili ay nagbubunga ang lupa; una-una'y
usbong, saka uhay, pagkatapos ay butil na humihitik sa uhay.
29 Datapuwa't pagka hinog na ang bunga, ay ginagamit
agad ang panggapas, sapagka't dumating na ang pagaani.
30 At kaniyang sinabi, Sa ano natin itutulad ang kaharian
ng Dios? o sa anong talinghaga isasaysay natin ito? 31
Ito'y tulad sa butil ng binhi ng mostasa, na pagkahasik sa
lupa, bagama't siyang lalong pinakamaliit sa lahat ng mga
binhi na nangasa lupa, 32 Gayon ma'y pagkatanim, ay
tumataas, at lumalaki ng higit kay sa lahat ng mga gulay, at
nagsasanga ng malalabay; ano pa't ang mga ibon sa langit
ay mangakasisilong sa kaniyang lilim. 33 At sa pamamagitan
ng gayong maraming talinghaga ay sinasaysay niya sa
kanila ang salita, ayon sa makakaya ng kanilang pakinig; 34
At hindi sila kinakausap kundi sa talinghaga: datapuwa't sa
kaniyang sariling mga alagad ay bukod na ipinaliliwanag
ang lahat ng mga bagay. 35 At nang araw ding yaon, nang
gabi na, ay sinabi niya sa kanila, Tumawid tayo sa kabilang
ibayo. 36 At pagkaiwan sa karamihan, ay kanilang dinala
siya sa daong, ayon sa kaniyang kalagayan. At mayroon
siyang kasamang ibang mga daong. 37 At nagbangon ang
isang malakas na bagyo, at sinasalpukan ang daong ng mga
alon, na ano pa't ang daong ay halos natitigib. 38 At siya'y
natutulog sa hulihan sa ibabaw ng kutson; at siya'y ginising
nila, at sinabi sa kaniya, Guro, wala bagang anoman sa iyo
na mapahamak tayo? 39 At gumising siya, at sinaway ang
hangin, at sinabi sa dagat, Pumayapa, tumahimik ka. At
humimpil ang hangin, at humusay na totoo ang panahon, 40
At sinabi niya sa kanila, Bakit kayo nangatakot? wala pa
baga kayong pananampalataya? 41 At sila'y nangatakot na
lubha, at sila-sila'y nangagsasabihan, Sino nga ito, na pati
ng hangin at ng dagat ay tumatalima sa kaniya?

**5** At nagsidating sila sa kabilang ibayo ng dagat sa lupain
ng mga Gadareno. 2 At paglunsad niya sa daong,
pagdaka'y sinalubong siya na galing sa mga libingan ng
isang lalake na may isang karumaldumal na espiritu, 3 Na
tumatahan sa mga libingan: at sinoma'y hindi siya magapos,
kahit ng tanikala; 4 Sapagka't madalas na siya'y ginapos
ng mga damal at mga tanikala, at pinagpatidpatid niya ang
mga tanikala, at pinagbabalibali ang mga damal: at walang
taong may lakas na makasupil sa kaniya. 5 At palaging
sa gabi't araw, ay nagsisisigaw sa mga libingan at sa mga
kabundukan, at sinusugatan ang sarili ng mga bato. 6
At pagkatanaw niya sa malayo kay Jesus, ay tumakbo at
siya'y kaniyang sinamba; 7 At nagsisisigaw ng malakas
na tinig, na kaniyang sinabi, Ano ang pakialam ko sa iyo,
Jesus, ikaw na Anak ng Dios na Kataastaasan? kita'y
pinamamanhikan alangalang sa Dios, na huwag mo akong
pahirapan. 8 Sapagka't sinabi niya sa kaniya, Lumabas
ka sa taong ito, ikaw na karumaldumal na espiritu. 9 At
tinanong niya siya, Ano ang pangalan mo? At sinabi niya
sa kaniya, Pulutong ang pangalan ko; sapagka't marami
kami. 10 At ipinamamanhik na mainam sa kaniya na huwag
silang palayasin sa lupaing yaon. 11 At sa libis ng bundok
na yaon ay may isang malaking kawan ng mga baboy
na nagsisipanginain. 12 At nangamanhik sila sa kaniya,
na nagsisipagsabi, Paparoonin mo kami sa mga baboy,
upang kami ay magsipasok sa kanila. 13 At ipinahintulot
niya sa kanila. At ang mga karumaldumal na espiritu ay
nangagsilabas, at nangagsipasok sa mga baboy: at ang
kawan ay napadaluhong sa bangin hanggang sa dagat, na

sila'y may mga dalawang libo; at sila'y nangalunod sa dagat.
14 At nagsitakas ang mga tagapagalaga ng mga yaon, at
ibinalita sa bayan, at sa mga bukid. At nagsiparoon ang mga
tao upang makita kung ano ang nangyari. 15 At nagsiparoon
sila kay Jesus, at nakita nila ang inalihan ng mga demonio
na nakaupo, nakapanamit at matino ang kaniyang pagiisip,
sa makatuwid baga'y siyang nagkaroon ng isang pulutong:
at sila'y nangatakot. 16 At sinabi sa kanila ng nangakakita
kung paanong pagkapangyari sa inalihan ng mga demonio,
at tungkol sa mga baboy. 17 At sila'y nangagpasimulang
magsipamanhik sa kaniya na siya'y umalis sa kanilang mga
hangganan. 18 At habang lumululan siya sa daong, ay
ipinamamanhik sa kaniya ng inalihan ng mga demonio na
siya'y ipagsama niya. 19 At hindi niya itinulot sa kaniya,
kundi sa kaniya'y sinabi, Umuwi ka sa iyong bahay sa
iyong mga kaibigan, at sabihin mo sa kanila kung gaano
kadakilang mga bagay ang ginawa sa iyo ng Panginoon, at
kung paanong kinaawaan ka niya. 20 At siya'y yumaon ng
kaniyang lakad, at nagpasimulang ihayag sa Decapolis kung
gaanong kadakilang mga bagay ang sa kaniya'y ginawa ni
Jesus: at nangagtaka ang lahat ng mga tao. 21 At nang si
Jesus ay muling makatawid sa daong sa kabilang ibayo, ay
nakipisan sa kaniya ang lubhang maraming tao; at siya'y
nasa tabi ng dagat. 22 At lumapit ang isa sa mga pinuno
sa sinagoga, na nagngangalang Jairo; at pagkakita sa
kaniya, ay nagpatirapa siya sa kaniyang paanan, 23 At
ipinamamanhik na mainam sa kaniya, na sinasabi, Ang aking
munting anak na babae ay naghihingalo: ipinamamanhik ko
sa iyo, na ikaw ay pumaroon at ipatong mo ang iyong mga
kamay sa kaniya, upang siya'y gumaling, at mabuhay. 24
At siya'y sumama sa kaniya; at sinundan siya ng lubhang
maraming tao; at siya'y sinisiksik nila. 25 At isang babae
na may labingdalawang taon nang inaagasan, 26 At siya'y
napahirapan na ng maraming bagay ng mga manggagamot,
at nagugol na niya ang lahat niyang tinatangkilik, at hindi
gumaling ng kaunti man, kundi bagkus pang lumulubha siya,
27 Na pagkarinig niya ng mga bagay tungkol kay Jesus, ay
lumapit siya sa karamihan, sa likuran niya, at hinipo ang
kaniyang damit. 28 Sapagka't sinasabi niya, Kung mahipo
ko man lamang ang kaniyang damit, ay gagaling ako. 29
At pagdaka'y naampat ang kaniyang agas; at kaniyang
naramdaman sa kaniyang katawan na magaling na siya
sa salot niya. 30 At si Jesus, sa pagkatalastas niya agad
sa kaniyang sarili na may umalis na bisa sa kaniya, ay
pagdaka'y pumihit sa karamihan at nagsabi, Sino ang humipo
ng aking mga damit? 31 At sinabi sa kaniya ng kaniyang
mga alagad, Nakikita mong sinisiksik ka ng karamihan, at
sasabihin mo, Sino ang humipo sa akin? 32 At lumingap
siya sa palibotlibot upang makita siya na gumawa ng bagay
na ito. 33 Nguni't ang babae na natatakot at nangangatal,
palibhasa'y nalalaman ang sa kaniya'y nangyari, lumapit at
nagpatirapa sa harap niya, at sinabi sa kaniya ang buong
katotohanan. 34 At sinabi niya sa kaniya, Anak, pinagaling ka
ng pananampalataya mo; yumaon kang payapa, at gumaling
ka sa salot mo. 35 Samantalang nagsasalita pa siya, ay
may nagsidating na galing sa bahay ng pinuno sa sinagoga,
na nagsasabi, Patay na ang anak mong babae: bakit mo
pa binabagabag ang Guro? 36 Datapuwa't hindi pinansin
ni Jesus ang kanilang sinasalita, at nagsabi sa pinuno ng
sinagoga, Huwag kang matakot, manampalataya ka lamang.
37 At hindi niya ipinahintulot na sinoma'y makasunod sa
kaniya, liban kay Pedro, at kay Santiago, at kay Juan na
kapatid ni Santiago. 38 At nagsidating sila sa bahay ng
pinuno sa sinagoga; at napanood niya ang pagkakagulo, at
ang nagsisitangis, at nangagbubuntong-hininga ng labis.
39 At pagkapasok niya, ay kaniyang sinabi sa kanila, Bakit
kayo'y nangagkakagulo at nagsisitangis? hindi patay ang
bata, kundi natutulog. 40 At tinatawanan nila siya na nililibak.
Datapuwa't, nang mapalabas na niya ang lahat, ay isinama
niya ang ama ng bata at ang ina nito, at ang kaniyang mga
kasamahan, at pumasok sa kinaroroonan ng bata. 41 At
pagkahawak niya sa kamay ng bata, ay sinabi niya sa kaniya,
Talitha cumi; na kung liliwanagin ay, Dalaga, sinasabi ko sa
iyo, Magbangon ka. 42 At pagdaka'y nagbangon ang dalaga,
at lumakad: sapagka't siya'y may labingdalawang taon na.
At pagdaka'y nangagtaka silang lubha. 43 At ipinagbilin niya
sa kanilang mahigpit, na sinoman ay huwag makaalam nito:
at kaniyang ipinagutos na siya'y bigyan ng pagkain.

6 At umalis siya doon; at napasa kaniyang sariling lupain;
at nagsisunod sa kaniya ang kaniyang mga alagad. 2 At
nang dumating ang sabbath, ay nagpasimulang magturo
siya sa sinagoga: at marami sa nangakakarinig sa kaniya
ay nangagtataka, na nangagsasabi, Saan nagkaroon ang
taong ito ng mga bagay na ito? at, Anong karunungan ito na
sa kaniya'y ibinigay, at anong kahulugan ng gayong mga
makapangyarihang gawa na ginagawa ng kaniyang mga
kamay? 3 Hindi baga ito ang anluwagi, ang anak ni Maria, at
kapatid ni Santiago, at ni Jose, at ni Judas, at ni Simon? at
hindi baga nangaririto sa atin ang kaniyang mga kapatid
na babae? At siya'y kinatitisuran nila. 4 At sinabi sa kanila
ni Jesus, Walang propetang di may kapurihan, liban sa
kaniyang sariling lupain, at sa gitna ng kaniyang sariling
mga kamaganak, at sa kaniyang sariling bahay. 5 At hindi
siya nakagawa doon ng anomang makapangyarihang gawa,
liban sa ipinatong niya ang kaniyang mga kamay sa ilang
mga maysakit, at pinagaling sila. 6 At nanggigilalas siya sa
kanilang di pananampalataya. At siya'y lumibot na nagtuturo
sa mga nayong nasa paligidligid. 7 At pinalapit niya sa

kaniya ang labingdalawa, at nagpasimulang sinugo sila na
daladalawa; at binigyan niya sila ng kapamahalaan laban sa
mga karumaldumal na espiritu; 8 At ipinagbilin niya sa kanila
na huwag silang magsipagbaon ng anoman sa paglakad,
kundi tungkod lamang; kahit tinapay, kahit supot ng ulam,
kahit salapi sa kanilang supot; 9 Datapuwa't gumamit ng mga
sandalyas: at, huwag magsuot ng dalawang tunika. 10 At
sinabi niya sa kanila, Saan man kayo magsipasok sa isang
bahay, mangatira kayo roon hanggang sa kayo'y magsialis
doon. 11 At sa alin mang dakong hindi kayo tanggapin, at
hindi kayo pakinggan, pagalis ninyo doo'y ipagpag ninyo ang
alabok na nasa ilalim ng inyong talampakan bilang patotoo
sa kanila. 12 At sila'y nangagsialis, at nagsipangaral na
mangagsisi ang mga tao. 13 At nangagpalabas ng maraming
demonio, at nangagpahid ng langis sa maraming may-sakit,
at pinagaling sila. 14 At narinig ng haring Herodes; sapagka't
nabantog na ang pangalan niya; at sinabi niya, Si Juan
na Mangbabautismo ay nagbangon sa mga patay, at kaya
sumasa kaniya ang mga kapangyarihang ito. 15 At sinasabi
ng mga iba, Siya'y si Elias. At sinasabi ng mga iba, Siya'y
propeta, na gaya ng ibang mga propeta. 16 Datapuwa't nang
marinig ni Herodes, ay sinabi, Si Juan na aking pinugutan
ng ulo, siya'y nagbangon. 17 Sapagka't si Herodes din
ang nagsugo sa mga kawal at nagpahuli kay Juan, at
nagpatanikala sa kaniya sa bilangguan dahil kay Herodias,
na asawa ni Filipo na kaniyang kapatid; sapagka't nagasawa
siya sa kaniya. 18 Sapagka't sinabi ni Juan kay Herodes,
Hindi matuwid sa iyo na iyong ariin ang asawa ng iyong
kapatid. 19 At ipinagtanim siya ni Herodias, at hinahangad
siyang patayin; at hindi niya magawa; 20 Sapagka't natatakot
si Herodes kay Juan palibhasa'y nalalamang siya'y lalaking
matuwid at banal, at siya'y ipinagsanggalang niya. At kung
siya'y pinakikinggan niya, ay natitilihan siyang mainam; at
pinakikinggan niya siya na may galak. 21 At nang sumapit
ang isang kaukulang araw, na kapanganakan niya, ay
ipinaghanda ni Herodes ng isang hapunan ang kaniyang
mga maginoo, at mga mataas na kapitan, at mga pangulong
lalake sa Galilea; 22 At nang pumasok ang anak na babae ni
Herodias ay sumayaw, at siya'y kinalugdan ni Herodes at ng
mga kasalo niyang nakaupo sa dulang; at sinabi ng hari sa
dalaga, Hingin mo sa akin ang maibigan mo, at ibibigay ko sa
iyo. 23 At ipinanumpa niya sa kaniya, Ang anomang hingin
mo sa akin ay ibibigay ko sa iyo, kahit ang kalahati ng aking
kaharian. 24 At lumabas siya, at sinabi sa kaniyang ina,
Ano ang aking hihingin? At sinabi niya, Ang ulo ni Juan ang
Mangbabautismo. 25 At pagdaka'y pumasok siyang dalidali
sa kinaroroonan ng hari, at humingi, na sinasabi, Ibig ko na
ngayon din ang ibigay mo sa akin na nasa isang pinggan
ang ulo ni Juan Bautista. 26 At namanglaw na lubha ang
hari; datapuwa't dahil sa kaniyang sumpa, at sa nangakaupo
sa dulang, ay hindi niya itinanggi. 27 At pagdaka'y nagsugo
ang hari sa isang kawal na kaniyang bantay, at ipinagutos na
dalhin sa kaniya ang ulo niya: at yumaon siya at pinugutan
siya ng ulo sa bilangguan, 28 At dinala ang kaniyang ulo na
nasa isang pinggan, at ibinigay sa dalaga; at ibinigay ng
dalaga sa kaniyang ina. 29 At nang mabalitaan ng kaniyang
mga alagad, ay nagsiparoon sila at binuhat ang kaniyang
bangkay, at inilagay sa isang libingan. 30 At ang mga apostol
ay nangagpisan kay Jesus; at isinaysay nila sa kaniya ang
lahat ng mga bagay na kanilang ginawa, at ang lahat ng
kanilang itinuro. 31 At sinabi niya sa kanila, Magsiparito kayo
ng bukod sa isang dakong ilang, at mangagpahinga kayo ng
kaunti. Sapagka't marami ang nangagpaparoo't parito, at
sila'y hindi man lamang mangagkapanahon na magsikain.
32 At nagsiyaon silang nangasa daong at nangapasa isang
dakong ilang at bukod. 33 At nangakita sila ng mga tao
sa pagalis, at sila'y nangakilala ng marami at paraparang
nagsisitakbo na nagsiparoon doon mula sa lahat ng mga
bayan, at nangaunang nagsirating pa kay sa kanila. 34
At lumabas siya at nakita ang lubhang maraming tao, at
nahabag siya sa kanila, sapagka't sila'y gaya ng mga tupa
na walang pastor: at siya'y nagpasimulang tinuruan sila
ng maraming bagay. 35 At nang gumabi na, ay nagsilapit
sa kaniya ang kaniyang mga alagad, at nangagsabi, Ilang
ang dakong ito, at gumagabi na; 36 Payaunin mo sila,
upang sila'y magsiparoon sa mga bayan at mga nayon sa
palibotlibot nito, at mangagsibili ng anomang makakain. 37
Datapuwa't siya'y sumagot at sinabi sa kanila, Bigyan ninyo
sila ng makakain. At sinabi nila sa kaniya, Magsisiyaon ba
kami at magsisibili ng dalawang daang denariong tinapay, at
ipakakain namin sa kanila? 38 At sinabi niya sa kanila, Ilang
tinapay mayroon kayo? magsiparoon kayo at inyong tingnan.
At nang mangaalaman nila, ay kanilang sinabi, Lima, at
dalawang isda. 39 At iniutos niya sa kanila na paupuin silang
lahat na pulupulutong sa ibabaw ng damuhang sariwa.
40 At sila'y nagsiupong hanayhanay, na tigsasangdaan,
at tiglilimangpu. 41 At kinuha niya ang limang tinapay at
ang dalawang isda, at pagtingala sa langit, ay kaniyang
pinagpala, at pinagputolputol ang mga tinapay; at ibinigay
niya sa mga alagad upang ihain nila sa kanila; at ipinamahagi
niya sa kanilang lahat ang dalawang isda. 42 At nagsikain
silang lahat, at nangabusog. 43 At kanilang pinulot ang mga
pinagputolputol, labingdalawang bakol na puno ng tinapay
at mga isda naman. 44 At ang nagsikain ng mga tinapay
ay limang libong lalake. 45 At pagdaka'y pinalulan niya sa
daong ang kaniyang mga alagad, at pinauna sa kaniya sa
kabilang ibayo, sa Betsaida, samantalang pinayayaon niya
ang karamihan. 46 At pagkatapos na mapagpaalam niya

sila, ay naparoon siya sa bundok upang manalangin. 47
At nang dumating ang gabi, ang daong ay nasa gitna ng
dagat, at siya'y nagiisa sa lupa. 48 At pagkakita sa kanila na
totoong nangalulumbay sa paggaod, sapagka't sinasalunga
sila ng hangin, at malapit na ang ikaapat na pagpupuyat sa
gabi ay naparoon siya sa kanila, na lumalakad sa ibabaw
ng dagat; at ibig silang lagpasan: 49 Datapuwa't sila, nang
makita nilang siya'y lumalakad sa ibabaw ng dagat, ay
inakala nilang siya'y isang multo, at nangagsisigaw; 50
Sapagka't nakita siya nilang lahat, at nangagulumihanan.
Datapuwa't pagdaka'y nagsalita siya sa kanila, at sa kanila'y
sinabi, Laksan ninyo ang inyong loob: ako nga; huwag
kayong mangatakot. 51 At pinanhik niya sila sa daong; at
humimpil ang hangin: at sila'y nanganggilalas ng di kawasa
sa kanilang sarili; 52 Palibhasa'y hindi pa nila natatalastas
yaong tungkol sa mga tinapay, dahil sa ang kanilang puso'y
pinatigas. 53 At nang mangakatawid na sila, ay narating
nila ang lupa ng Genezaret, at nagsisadsad sa daungan.
54 At paglunsad nila sa daong, pagdaka'y nakilala siya ng
mga tao, 55 At nang malibot nilang nagtutumulin ang buong
lupaing yaon, at nagpasimulang dalhin sa kaniya ang mga
may-sakit na nasa kanilang higaan, saan man nila marinig
na naroon siya. 56 At saan man siya pumasok, sa mga
nayon, o sa mga bayan o sa mga bukid, ay inilalagay nila
sa mga liwasan ang mga may-sakit, at ipinamamanhik sa
kaniya na ipahipo man lamang sa kanila ang laylayan ng
kaniyang damit: at ang lahat ng nagsihipo sa kaniya ay
pawang nagsigaling.

7 At nakisama sa kanila ang mga Fariseo, at ilan sa
mga eskriba, na nagsipanggaling sa Jerusalem, 2 At
kanilang nangakita ang ilan sa kaniyang mga alagad na
nagsisikain ng kanilang tinapay ng mga kamay na marurumi,
sa makatuwid baga'y mga kamay na hindi hinugasan. 3
(Sapagka't ang mga Fariseo, at ang lahat ng mga Judio, ay
hindi nagsisikain, kundi muna mangaghugas na maingat
ng mga kamay, na pinanghahawakan ang mga sali't-saling
sabi ng matatanda; 4 At kung nagsisipanggaling sila sa
pamilihan, kung hindi muna mangaghugas, ay hindi sila
nagsisikain; at may iba pang maraming bagay na kanilang
minana, upang ganapin; gaya ng mga paghuhugas ng mga
inuman, at ng mga saro, at ng mga inumang tanso.) 5 At
siya'y tinanong ng mga Fariseo at ng mga eskriba, Bakit ang
iyong mga alagad ay hindi nagsisilakad ng ayon sa sali't-
saling sabi ng matatanda, kundi nagsisikain sila ng kanilang
tinapay ng mga kamay na karumaldumal? 6 At sinabi niya
sa kanila, Mabuti ang pagkahula ni Isaias tungkol sa inyong
mga mapagpaimbabaw, ayon sa nasusulat, Ang bayang
ito'y iginagalang ako ng kaniyang mga labi, Datapuwa't ang
kanilang puso ay malayo sa akin. 7 Datapuwa't walang
kabuluhan ang pagsamba nila sa akin, Na nagtuturo ng
kanilang pinakaaral ng mga utos ng mga tao. 8 Nilisan ninyo
ang utos ng Dios, at inyong pinanghahawakan ang sali't-
saling sabi ng mga tao. 9 At sinabi niya sa kanila, Totoong
itinatakuwil ninyo ang utos ng Dios, upang mangaganap
ninyo ang inyong mga sali't-saling sabi. 10 Sapagka't sinabi
ni Moises, Igalang mo ang iyong ama at ang iyong ina; at,
Ang manungayaw sa ama o sa ina, ay mamatay siyang
walang pagsala: 11 Datapuwa't sinasabi ninyo, Kung sabihin
ng isang tao sa kaniyang ama o sa kaniyang ina, Yaong
mangyayaring pakinabangan mo sa akin ay Corban, sa
makatuwid baga'y, hain sa Dios; 12 Hindi na ninyo siya
pinabayaang gumawa ng anoman na ukol sa kaniyang ama
o sa kaniyang ina; 13 Na niwawalang kabuluhan ang salita
ng Dios ng inyong sali't-saling sabi, na inyong itinuro: at
nagsisigawa kayo ng iba pang maraming bagay na kawangis
nito. 14 At muling pinalapit niya sa kaniya ang karamihan, at
sinabi sa kanila, Pakinggan ninyong lahat ako, at inyong
unawain: 15 Walang anomang nasa labas ng katawan ng
tao, na pagpasok sa kaniya ay makakahawa sa kaniya;
datapuwa't ang mga bagay na nagsisilabas sa tao yaon
ang nangakakahawa sa tao. 16 Kung ang sinoman ay may
pakinig na ipakikinig ay makinig. 17 At nang pumasok siya
sa bahay na mula sa karamihan, ay itinanong sa kaniya
ng kaniyang mga alagad ang talinghaga. 18 At sinabi niya
sa kanila, Kayo baga naman ay wala ring pagiisip? Hindi
pa baga ninyo nalalaman, na anomang nasa labas na
pumapasok sa tao, ay hindi nakakahawa sa kaniya; 19
Sapagka't hindi pumapasok sa kaniyang puso, kundi sa
kaniyang tiyan, at lumalabas sa dakong daanan ng dumi?
Sa salitang ito'y nililinis niya ang lahat ng pagkain. 20 At
sinabi niya, Ang lumalabas sa tao, yaon ang nakakahawa sa
tao. 21 Sapagka't mula sa loob, mula sa puso ng mga tao,
lumalabas ang masasamang pagiisip, ang mga pakikiapid,
ang mga pagnanakaw, ang mga pagpatay sa kapuwa-
tao, ang mga pangangalunya, 22 Ang mga kasakiman,
ang mga kasamaan, ang pagdaraya, ang kalibugan, ang
matang masama, ang kapusungan, ang kapalaluan, ang
kamangmangan: 23 Ang lahat ng masasamang bagay na ito
ay sa loob nagsisipanggaling, at nangakakahawa sa tao. 24
At nagtindig siya doon, at napasa mga hangganan ng Tiro
at ng Sidon. At pumasok siya sa isang bahay, at ibig niya
na sinomang tao'y huwag sanang makaalam; at hindi siya
nakapagtago. 25 Nguni't ang isang babae na ang kaniyang
munting anak na babae ay may isang karumaldumal na
espiritu, pagdaka'y nang mabalitaan siya, ay lumapit at
nagpatirapa sa kaniyang paanan. 26 Ang babae nga ay isang
Griega, isang Sirofenisa, ayon sa lahi. At ipinamamanhik niya
sa kaniya na palabasin sa kaniyang anak ang demonio. 27 At

sinabi niya sa kaniya, Pabayaan mo munang mangabusog
ang mga anak: sapagka't hindi marapat na kunin ang tinapay
ng mga anak at itapon sa mga aso. **28** Datapuwa't siya'y
sumagot at sinabi sa kaniya, Oo, Panginoon; kahit ang mga
aso sa ilalim ng dulang ay nagsisikain ng mga mumo ng
mga anak. **29** At sinabi niya sa kaniya, Dahil sa sabing ito
humayo ka; nakaalis na ang demonio sa iyong anak. **30**
At umuwi siya sa kaniyang bahay, at naratnan ang anak
na nakahiga sa higaan, at nakaalis na ang demonio. **31** At
siya'y muling umalis sa mga hangganan ng Tiro, at napasa
Sidon hanggang sa dagat ng Galilea, na kaniyang tinahak
ang mga hangganan ng Decapolis. **32** At dinala nila sa
kaniya ang isang bingi at utal; at ipinamanhik nila sa kaniya
na kaniyang ipatong ang kaniyang kamay sa kaniya. **33** At
siya'y inihiwalay niya ng bukod sa karamihan, at isinuot ang
kaniyang mga daliri sa mga tainga niya, at siya'y lumura, at
hinipo ang kaniyang dila; **34** At pagkatingala sa langit, ay
siya'y nagbuntong-hininga, at sinabi sa kaniya, Ephatha,
sa makatuwid baga'y, Mabuksan. **35** At nangabuksan ang
kaniyang mga pakinig, at nakalag ang tali ng kaniyang dila,
at siya'y nakapagsalitang malinaw. **36** At ipinagbilin niya sa
kanila na kanino mang tao ay huwag nilang sabihin: nguni't
kung kailan lalong ipinagbabawal niya sa kanila, ay lalo
namang kanilang ibinabantog. **37** At sila'y nangagtataka ng
di kawasa, na nangagsasabi, Mabuti ang pagkagawa niya
sa lahat ng mga bagay; kaniyang binibigyang pakinig pati ng
mga bingi, at pinapagsasalita ang mga pipi.

**8** Nang mga araw na yaon, nang magkaroong muli ng
maraming tao, at wala silang mangakain, ay tinawag
niya ang kaniyang mga alagad, at sinabi sa kanila, **2**
Nahahabag ako sa karamihan, sapagka't tatlong araw nang
sila'y nangatira sa akin, at walang mangakain: **3** At kung
sila'y pauwiin kong nangagugutom sa kanilang mga tahanan,
ay magsisipanglupaypay sila sa daan; at nagsipanggaling
sa malayo ang ilan sa kanila. **4** At nagsisagot sa kaniya
ang kaniyang mga alagad, Paanong mabubusog ninoman
ang mga taong ito ng tinapay dito sa isang ilang na dako?
**5** At kaniyang tinanong sila, Ilang tinapay mayroon kayo?
At sinabi nila, Pito. **6** At iniutos niya sa karamihan na
magsiupo sa lupa; at kinuha niya ang pitong tinapay, at
pagkapagpasalamat, ay pinagputolputol niya, at ibinigay sa
kaniyang mga alagad, upang ihain sa kanila; at inihain nila
sa karamihan. **7** At mayroon silang ilang maliliit na isda: at
nang mapagpala ang mga ito, ay ipinagutos niya na ihain
din naman ang mga ito sa kanila. **8** At sila'y nagsikain,
at nangabusog: at kanilang pinulot ang lumabis sa mga
pinagputolputol, na pitong bakol na puno. **9** At sila'y may
mga apat na libo: at pinayaon niya sila. **10** At pagdaka'y
lumulan siya sa daong na kasama ang kaniyang mga alagad,
at napasa mga sakop ng Dalmanuta. **11** At nagsilabas ang
mga Fariseo, at nangagpasimulang makipagtalo sa kaniya,
na hinahanapan siya ng isang tandang mula sa langit, na
tinutukso siya. **12** At nagbuntong-hininga siya ng malalim sa
kaniyang espiritu, at nagsabi, Bakit humahanap ng tanda
ang lahing ito? katotohanang sinasabi ko sa inyo, Walang
tandang ibibigay sa lahing ito. **13** At sila'y iniwan niya, at
muling pagkalulan sa daong ay tumawid sa kabilang ibayo.
**14** At nangalimutan nilang magsipagdala ng tinapay; at wala
sila kundi isang tinapay sa daong. **15** At ipinagbilin niya sa
kanila, na nagsabi, Tingnan ninyo, mangagingat kayo sa
lebadura ng mga Fariseo at sa lebadura ni Herodes. **16**
At nangagkatuwiranan sila-sila rin, na nangagsasabi, Wala
tayong tinapay. **17** At pagkahalata nito ni Jesus ay sinabi
sa kanila, Bakit nangagbubulaybulay kayo, sapagka't wala
kayong tinapay? hindi pa baga ninyo napaghahalata, ni
napaguunawa man? nangagmatigas na baga ang inyong
puso? **18** Mayroon kayong mga mata, hindi baga kayo
nangakakakita? at mayroon kayong mga tainga, hindi baga
kayo nangakakarinig? at hindi baga ninyo nangaaalaala? **19**
Nang aking pagputolputulin ang limang tinapay sa limang
libong lalake, ilang bakol na puno ng mga pinagputolputol
ang inyong binuhat? Sinabi nila sa kaniya, Labingdalawa. **20**
At nang pagputolputulin ang pitong tinapay sa apat na libo,
ilang bakol na puno ng mga pinagputolputol ang binuhat
ninyo? At sinabi nila sa kaniya, Pito. **21** At sinabi niya sa
kanila, Hindi pa baga ninyo napaguunawa? **22** At nagsidating
sila sa Betsaida. At dinala nila sa kaniya ang isang lalaking
bulag, at ipinamanhik sa kaniya na siya'y hipuin. **23** At
hinawakan niya sa kamay ang lalaking bulag, at dinala
niya sa labas ng nayon; at nang maluraan ang kaniyang
mga mata, at maipatong ang kaniyang mga kamay sa
kaniya, ay kaniyang tinanong siya, Nakakakita ka baga ng
anoman? **24** At siya'y tumingala, at nagsabi, Nakakakita
ako ng mga tao; sapagka't namamasdan ko silang tulad
sa mga punong kahoy, na nagsisilakad. **25** Saka ipinatong
na muli sa kaniyang mga mata ang mga kamay niya; at
siya'y tumitig, at gumaling, at nakita niyang maliwanag ang
lahat ng mga bagay. **26** At pinauwi niya siya sa kaniyang
tahanan, na sinasabi, Huwag kang pumasok kahit sa nayon.
**27** At pumaroon si Jesus, at ang kaniyang mga alagad sa
mga nayon ng Cesarea ni Filipo: at sa daan ay itinanong
niya sa kaniyang mga alagad, na sinabi sa kanila, Ano
baga ang sabi ng mga tao kung sino ako? **28** At sinaysay
nila sa kaniya, na sinasabi, Si Juan Bautista; at ang mga
iba, si Elias; datapuwa't ang mga iba, Isa sa mga propeta.
**29** At tinanong niya sila, Datapuwa't ano ang sabi ninyo
kung sino ako? Sumagot si Pedro at nagsabi sa kaniya,
Ikaw ang Cristo. **30** At ipinagbilin niya sa kanila na huwag

sabihin kanino man ang tungkol sa kaniya. **31** At siya'y
nagpasimulang magturo sa kanila, na ang Anak ng tao ay
kinakailangang magbata na maraming mga bagay, at itakuwil
ng matatanda, at ng mga pangulong saserdote, at ng mga
eskriba, at patayin, at pagkaraan ng tatlong araw ay muling
magbangon. **32** At hayag na sinabi niya ang pananalitang ito.
At isinama siya ni Pedro, at pinasimulang siya'y pagwikaan.
**33** Datapuwa't paglingap niya sa palibot, at pagtingin sa
kaniyang mga alagad, ay pinagwikaan si Pedro, at sinabi,
Lumagay ka sa likuran ko, Satanas; sapagka't hindi mo
pinagiisip ang mga bagay na ukol sa Dios, kundi ang mga
bagay na ukol sa mga tao. **34** At pinalapit niya sa kaniya
ang karamihan pati ng kaniyang mga alagad, at sa kanila'y
sinabi, Kung ang sinomang tao ay ibig sumunod sa akin, ay
tumanggi sa kaniyang sarili, at pasanin ang kaniyang krus, at
sumunod sa akin. **35** Sapagka't ang sinomang magibig iligtas
ang kaniyang buhay ay mawawalan nito: at ang sinomang
mawalan ng kaniyang buhay dahil sa akin at sa evangelio ay
maililigtas yaon. **36** Sapagka't ano ang mapapakinabang ng
tao, na makamtan ang buong sanglibutan, at mapapahamak
ang kaniyang buhay? **37** Sapagka't anong ibibigay ng tao na
katumbas sa kaniyang buhay? **38** Sapagka't ang sinomang
magmakahiya sa akin at sa aking mga salita sa lahing ito na
mapangalunya at makasalanan, ay ikahihiya rin naman siya
ng Anak ng tao, pagparito niyang nasa kaluwalhatian ng
kaniyang Ama na kasama ng mga banal na anghel.

**9** At sinabi niya sa kanila, Katotohanang sinasabi ko sa inyo,
May ilan sa nangakatayong ito, na hindi matitikman sa
anomang paraan ang kamatayan, hanggang sa makita nila
ang kaharian ng Dios na dumarating na may kapangyarihan.
**2** At pagkaraan ng anim na araw, ay isinama ni Jesus si
Pedro, at si Santiago, at si Juan, at sila'y dinalang bukod
sa isang mataas na bundok: at siya'y nagbagong-anyo sa
harap nila; **3** At ang kaniyang mga damit ay nangagningning,
na nagsiputing maigi, na ano pa't sinomang magpapaputi
sa lupa ay hindi makapagpapaputi ng gayon. **4** At doo'y
napakita sa kanila si Elias na kasama si Moises: at sila'y
nakikipagusap kay Jesus. **5** At sumagot si Pedro at sinabi
kay Jesus, Rabi, mabuti sa atin ang tayo'y dumito: at
magsigawa kami ng tatlong tabernakulo; isa ang sa iyo,
at isa ang kay Moises, at isa ang kay Elias. **6** Sapagka't
hindi niya nalalaman kung ano ang isasagot; sapagka't sila'y
lubhang nangatakot. **7** At dumating ang isang alapaap na sa
kanila'y lumilim: at may isang tinig na nanggaling sa alapaap,
Ito ang sinisinta kong Anak; siya ang inyong pakinggan. **8** At
karakaraka'y sa biglang paglingap nila sa palibotlibot, ay
wala silang nakitang sinoman, kundi si Jesus lamang na
kasama nila. **9** At habang nagsisibaba sila sa bundok, ay
ipinagbilin niya sa kanila na sa kanino man ay huwag nilang
sabihin ang kanilang nakita, maliban na pagka ang Anak ng
tao ay magbangong maguli sa mga patay. **10** At kanilang
iningatan ang pananalitang ito, na nangagtatanungan sila-
sila kung ano ang kahulugan ng pagbabangong maguli
sa mga patay. **11** At tinanong nila siya, na sinasabi, Bakit
sinasabi ng mga eskriba na kinakailangang pumarito muna
si Elias? **12** At sinabi niya sa kanila, Katotohanang si Elias
ay pariritong mauna, at isasauli sa dati ang lahat ng mga
bagay: at paanong nasusulat ang tungkol sa Anak ng tao,
na siya'y maghihirap ng maraming bagay at pawalang
halaga? **13** Datapuwa't sinasabi ko sa inyo, na naparito na si
Elias, at ginawa din naman nila sa kaniya ang anomang
kanilang inibig, ayon sa nasusulat tungkol sa kaniya. **14** At
pagdating nila sa mga alagad, ay nakita nilang nasa kanilang
palibotlibot ang lubhang maraming mga tao, at ang mga
eskriba ay nangakikipagtalo sa kanila. **15** At pagdaka'y ang
buong karamihan, pagkakita nila sa kaniya, ay nangagtakang
mainam, at tinakbo siya na siya'y binati. **16** At tinanong niya
sila, Ano ang ipinakikipagtalo ninyo sa kanila? **17** At isa sa
karamihan ay sumagot sa kaniya, Guro, dinala ko sa iyo ang
aking anak na lalake na may isang espiritung pipi; **18** At saan
man siya alihan nito, ay ibinubuwal siya: at nagbububula
ang kaniyang bibig, at nagngangalit ang mga ngipin, at
untiunting natutuyo: at sinabi ko sa iyong mga alagad na
siya'y palabasin; at hindi nila magawa. **19** At sumagot siya
sa kanila at nagsabi, Oh lahing walang pananampalataya,
hanggang kailan makikisama ako sa inyo? hanggang kailan
titiisin ko kayo? dalhin ninyo siya rito sa akin. **20** At dinala
nila siya sa kaniya: at pagkakita niya sa kaniya, ay pagdaka'y
pinapangatal siyang lubha ng espiritu; at siya'y nalugmok
sa lupa, at nagpagulonggulong na bumubula ang kaniyang
bibig. **21** At tinanong niya ang kaniyang ama, Kailan pang
panahon nangyayari sa kaniya ito? At sinabi niya, Mula sa
pagkabata. **22** At madalas na siya'y inihahagis sa apoy at sa
tubig, upang siya'y patayin: datapuwa't kung mayroon kang
magagawang anomang bagay, ay maawa ka sa amin, at
tulungan mo kami. **23** At sinabi sa kaniya ni Jesus, Kung
kaya mo! Ang lahat ng mga bagay ay may pangyayari sa
kaniya na nananampalataya. **24** Pagdaka'y sumigaw ang
ama ng bata, at sinabi, Nananampalataya ako; tulungan
mo ang kakulangan ko ng pananampalataya. **25** At nang
makita ni Jesus na dumaragsang tumatakbo ang karamihan,
ay pinagwikaan niya ang karumaldumal na espiritu, na
sinasabi sa kaniya, Ikaw bingi at piping espiritu, iniuutos
ko sa iyo na lumabas ka sa kaniya, at huwag ka nang
pumasok na muli sa kaniya. **26** At nang makapagsisisigaw,
at nang siya'y mapangatal na mainam, ay lumabas siya:
at ang bata'y naging anyong patay; ano pa't marami ang
nagsabi, Siya'y patay. **27** Datapuwa't hinawakan siya ni

Jesus sa kamay, at siya'y ibinangon; at siya'y nagtindig.
28 At nang pumasok siya sa bahay, ay tinanong siya ng
lihim ng kaniyang mga alagad, Paano ito na siya'y hindi
namin napalabas? 29 At sinabi niya sa kanila, Ang ganito ay
hindi mapalalabas ng anoman, maliban sa pamamagitan
ng panalangin. 30 At nagsialis sila roon, at nangagdaan sa
Galilea; at ayaw siyang sinomang tao'y makaalam niyaon.
31 Sapagka't tinuruan niya ang kaniyang mga alagad, at sa
kanila'y sinabi, Ibibigay ang Anak ng tao sa mga kamay ng
mga tao, at siya'y papatayin nila; at pagkapatay sa kaniya,
ay siyang magbabangong muli pagkaraan ng ikatlong araw.
32 Nguni't hindi nila naunawa ang sabing ito, at nangatakot
silang magsipagtanong sa kaniya. 33 At sila'y nagsidating
sa Capernaum: at nang siya'y nasa bahay na ay tinanong
niya sila, Ano ang pinagkakatuwiranan ninyo sa daan?
34 Datapuwa't hindi sila nagsiimik: sapagka't sila-sila ay
nangagtalo sa daan, kung sino ang pinakadakila. 35 At
siya'y naupo, at tinawag ang labingdalawa; at sa kanila'y
sinabi niya, Kung sinoman ang ibig na maging una, ay
siyang mahuhuli sa lahat, at lingkod ng lahat. 36 At kinuha
niya ang isang maliit na bata, at inilagay sa gitna nila: at
siya'y kaniyang kinalong, na sa kanila'y sinabi niya, 37 Ang
sinomang tumanggap sa isa sa mga ganitong maliliit na bata
sa aking pangalan, ay ako ang tinatanggap: at ang sinomang
tumanggap sa akin, ay hindi ako ang tinatanggap, kundi
yaong sa aki'y nagsugo. 38 Sinabi sa kaniya ni Juan, Guro,
nakita namin ang isa na sa pangalan mo'y nagpapalabas
ng mga demonio; at pinagbawalan namin siya, sapagka't
hindi sumusunod sa atin. 39 Datapuwa't sinabi ni Jesus,
Huwag ninyong pagbawalan siya: sapagka't walang taong
gumagawa ng makapangyarihang gawa sa pangalan ko, na
pagdaka'y makapagsasalita ng masama tungkol sa akin.
40 Sapagka't ang hindi laban sa atin ay sumasa atin. 41
Sapagka't ang sinomang magpainom sa inyo ng isang
sarong tubig, dahil sa kayo'y kay Cristo, katotohanang
sinasabi ko sa inyo, na hindi mawawala sa anomang paraan
ang ganti sa kaniya. 42 At ang sinomang magbigay ng
ikatitisod sa maliliit na ito na sumasampalataya sa akin, ay
mabuti pa sa kaniya kung bitinan ang kaniyang leeg ng
isang malaking gilingang bato, at siya'y ibulid sa dagat. 43 At
kung ang kamay mo ay makapagpapatisod sa iyo, ay putulin
mo: mabuti pa sa iyo ang pumasok sa buhay na pingkaw,
kay sa may dalawang kamay kang mapasa impierno, sa
apoy na hindi mapapatay. **(Geenna g1067)** 44 Na doo'y hindi
namamatay ang kanilang uod, at hindi namamatay ang
apoy. 45 At kung ang paa mo'y makapagpapatisod sa iyo, ay
putulin mo: mabuti pa sa iyo ang pumasok kang pilay sa
buhay kay sa may dalawang paa kang mabulid sa impierno.
**(Geenna g1067)** 46 Na doo'y hindi namamatay ang kanilang
uod, at hindi namamatay ang apoy. 47 At kung ang mata
mo'y makapagpapatisod sa iyo, ay dukitin mo: mabuti pa
sa iyo ang pumasok sa kaharian ng Dios na may isang
mata, kay sa may dalawang mata kang mabulid sa impierno;
**(Geenna g1067)** 48 Na doo'y hindi namamatay ang kanilang
uod, at hindi namamatay ang apoy. 49 Sapagka't bawa't
isa'y aasnan sa pamamagitan ng apoy. 50 Mabuti ang asin:
datapuwa't kung tumabang ang asin, ay ano ang inyong
ipagpapaalat? Taglayin ninyo sa inyong sarili ang asin, at
kayo'y magkaroon ng kapayapaan sa isa't isa.

**10** At siya'y umalis doon, at pumasok sa mga hangganan
ng Judea at sa dako pa roon ng Jordan: at ang mga
karamihan ay muling nakipisan sa kaniya; at, ayon sa
kaniyang kinaugalian, ay muling tinuruan niya sila. 2 At
nagsilapit sa kaniya ang mga Fariseo, at siya'y tinanong,
Matuwid baga sa lalake na ihiwalay ang kaniyang asawa? na
siya'y tinutukso. 3 At sumagot siya at sa kanila'y sinabi, Ano
ang iniutos sa inyo ni Moises? 4 At sinabi nila, Ipinahintulot
ni Moises na ilagda ang kasulatan sa paghihiwalay, at
ihiwalay siya. 5 Datapuwa't sinabi sa kanila ni Jesus, Dahil
sa katigasan ng inyong puso ay inilagda niya ang utos na
ito. 6 Nguni't buhat nang pasimula ng paglalang, Lalake at
babaing ginawa niya sila. 7 Dahil dito'y iiwan ng lalake ang
kaniyang ama at ina, at makikisama sa kaniyang asawa; 8
At ang dalawa ay magiging isang laman; kaya hindi na sila
dalawa, kundi isang laman. 9 Ang pinapagsama nga ng Dios,
ay huwag papaghiwalayin ng tao. 10 At sa bahay ay muling
tinanong siya ng mga alagad tungkol sa bagay na ito. 11 At
sinabi niya sa kanila, Ang sinomang lalake na ihiwalay ang
kaniyang asawa, at magasawa sa iba, ay nagkakasala ng
pangangalunya laban sa unang asawa: 12 At kung ihiwalay
ng babae ang kaniyang asawa, at magasawa sa iba, ay
nagkakasala siya ng pangangalunya. 13 At dinadala nila sa
kaniya ang maliliit na bata, upang sila'y kaniyang hipuin:
at sinaway sila ng mga alagad. 14 Datapuwa't nang ito'y
makita ni Jesus, ay nagdalang galit siya, at sinabi sa kanila,
Pabayaan ninyong magsilapit sa akin ang maliliit na bata;
huwag ninyo silang pagbawalan: sapagka't sa mga ganito
nauukol ang kaharian ng Dios. 15 Katotohanang sinasabi ko
sa inyo, Ang sinomang hindi tumanggap ng kaharian ng
Dios na tulad sa isang maliit na bata, ay hindi siya papasok
doon sa anomang paraan. 16 At kinalong niya sila, at sila'y
pinagpala, na ipinapatong ang kaniyang mga kamay sa
kanila. 17 At nang siya'y umalis na lumalakad sa daan, ay
may isang tumakbong lumapit sa kaniya, at lumuhod sa
harap niya, at siya'y tinanong, Mabuting Guro, ano ang
gagawin ko upang ako'y magmana ng buhay na walang
hanggan? **(aiōnios g166)** 18 At sinabi sa kaniya ni Jesus,
Bakit tinatawag mo akong mabuti? walang mabuti kundi

isa lamang, ang Dios. 19 Nalalaman mo ang mga utos,
Huwag kang pumatay, Huwag kang mangalunya, Huwag
kang magnakaw, Huwag kang sumaksi sa di katotohanan,
Huwag kang magdaya, Igalang mo ang iyong ama at ang
iyong ina. 20 At sinabi niya sa kaniya, Guro, ang lahat ng
mga bagay na ito'y aking ginanap mula sa aking kabataan.
21 At pagtitig sa kaniya ni Jesus, ay giniliw siya, at sinabi sa
kaniya, Isang bagay ang kulang sa iyo: yumaon ka, ipagbili
mo ang lahat mong tinatangkilik, at ibigay mo sa dukha,
at magkakaroon ka ng kayamanan sa langit: at pumarito
ka, sumunod ka sa akin. 22 Datapuwa't siya'y nahapis sa
sabing ito, at siya'y yumaong namamanglaw: sapagka't
siya'y isang may maraming mga pag-aari. 23 At lumingap si
Jesus sa palibotlibot, at sinabi sa kaniyang mga alagad,
Kay hirap na magsipasok sa kaharian ng Dios ang mga
may kayamanan! 24 At nangagtaka ang mga alagad sa
kaniyang mga salita. Datapuwa't si Jesus ay muling sumagot
at nagsabi sa kanila, Mga anak, kay hirap na magsipasok sa
kaharian ng Dios ang mga magsisiasa sa mga kayamanan!
25 Magaan pa sa isang kamelyo ang dumaan sa butas ng
isang karayom, kay sa isang mayaman ang pumasok sa
kaharian ng Dios. 26 At sila'y nangagtatakang lubha, na
sinasabi sa kaniya, Sino nga kaya ang makaliligtas? 27
Pagtingin ni Jesus sa kanila'y nagsabi, Hindi maaari ito sa
mga tao, datapuwa't hindi gayon sa Dios: sapagka't ang
lahat ng mga bagay ay may pangyayari sa Dios. 28 Si
Pedro ay nagpasimulang magsabi sa kaniya, Narito, iniwan
namin ang lahat, at nagsisunod sa iyo. 29 Sinabi ni Jesus,
Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Walang taong nagiwan
ng bahay, o mga kapatid na lalake, o mga kapatid na babae,
o ina, o ama, o mga anak, o mga lupa, dahil sa akin, at dahil
sa evangelio, 30 Na hindi siya tatanggap ng tigisang daan
ngayon sa panahong ito, ng mga bahay, at mga kapatid na
lalake, at mga kapatid na babae, at mga ina, at mga anak,
at mga lupa, kalakip ng mga paguusig; at sa sanglibutang
darating ay ng walang hanggang buhay. **(aiōn g165, aiōnios
g166)** 31 Datapuwa't maraming nangauuna ay mangahuhuli;
at nangahuhuli na mangauuna. 32 At sila'y nangasa daan,
na nagsisiahon sa Jerusalem; at nangunguna sa kanila
si Jesus: at sila'y nangagtaka; at ang nangagsisisunod
ay nangatakot. At muling kinuha niya ang labingdalawa,
at nagpasimulang sinabi sa kanila ang mga bagay na sa
kaniya'y mangyayari, 33 Na sinasabi, Narito, nagsisiahon
tayo sa Jerusalem; at ibibigay ang Anak ng tao sa mga
pangulong saserdote at sa mga eskriba; at siya'y kanilang
hahatulang patayin, at ibibigay siya sa mga Gentil: 34 At
siya'y kanilang aalimurahin, at siya'y luluraan, at siya'y
hahampasin, at siya'y papatayin; at pagkaraan ng tatlong
araw ay magbabangon siyang muli. 35 At nagsilapit sa
kaniya si Santiago at si Juan, na mga anak ni Zebedeo,
na sa kaniya'y nagsisipagsabi, Guro, ibig naming iyong
gawin sa amin ang anomang aming hingin sa iyo. 36 At
sinabi niya sa kanila, Ano ang ibig ninyong sa inyo'y aking
gawin? 37 At sinabi nila sa kaniya, Ipagkaloob mo sa amin na
mangakaupo kami, ang isa'y sa iyong kanan, at ang isa'y sa
iyong kaliwa, sa iyong kaluwalhatian. 38 Datapuwa't sinabi sa
kanila ni Jesus, Hindi ninyo nalalaman ang inyong hinihingi.
Mangakaiinom baga kayo sa sarong aking iinuman? o
mangababautismuhan sa bautismo na ibinautismo sa akin?
39 At sinabi nila sa kaniya, Kaya namin. At sinabi sa kanila ni
Jesus, Ang sarong aking iinuman ay iinuman ninyo; at sa
bautismo na ibinautismo sa akin ay babautismuhan kayo; 40
Datapuwa't ang maupo sa aking kanan o sa aking kaliwa ay
hindi ako ang magbibigay; datapuwa't yaon ay para sa kanila
na mga pinaghahandaan. 41 At nang marinig ito ng sangpu,
ay nangagpasimula silang mangagalit kay Santiago at kay
Juan. 42 At sila'y pinalapit ni Jesus sa kaniya, at sa kanila'y
sinabi, Nalalaman ninyo na yaong mga inaaring mga pinuno
ng mga Gentil ay nangapapapanginoon sa kanila; at ang sa
kanila'y mga dakila ay nagsisigamit ng kapamahalaan sa
kanila. 43 Datapuwa't sa inyo ay hindi gayon: kundi ang
sinomang ibig na dumakila sa inyo, ay magiging lingkod
ninyo; 44 At ang sinoman sa inyo ang magibig manguna, ay
magiging alipin ng lahat. 45 Sapagka't ang Anak ng tao rin
naman ay hindi naparito upang paglingkuran, kundi upang
maglingkod, at ibigay ang kaniyang buhay na pangtubos sa
marami. 46 At nagsidating sila sa Jerico: at habang nililisan
niya ang Jerico, na kasama ng kaniyang mga alagad at ng
lubhang maraming mga tao, ang anak ni Timeo, si Bartimeo,
na isang pulubing bulag, ay nakaupo sa tabi ng daan. 47 At
nang marinig niya na yao'y si Jesus na Nazareno, siya'y
nagpasimulang magsisigaw, at nagsabi, Jesus, ikaw na anak
ni David, mahabag ka sa akin. 48 At siya'y pinagwikaan ng
marami upang siya'y tumahimik: datapuwa't siya'y lalong
sumisigaw, Ikaw na Anak ni David, mahabag ka sa akin. 49
At tumigil si Jesus, at sinabi, Tawagin ninyo siya. At tinawag
nila ang lalaking bulag, na sinasabi sa kaniya, Laksan mo
ang iyong loob; ikaw ay magtindig, tinatawag ka niya. 50
At siya, pagkatapon ng kaniyang balabal, ay nagmadaling
tumindig, at lumapit kay Jesus. 51 At sumagot sa kaniya si
Jesus, at sinabi, Ano ang ibig mong gawin ko sa iyo? At
sinabi ng lalaking bulag, Raboni, na tanggapin ang aking
paningin. 52 At sinabi sa kaniya ni Jesus, Humayo ka ng
iyong lakad; pinagaling ka ng iyong pananampalataya. At
pagdaka'y tinanggap niya ang kaniyang paningin, at siya'y
sumunod sa kaniya sa daan.

**11** At nang malapit na sila sa Jerusalem, sa Betfage
at sa Betania, sa bundok ng mga Olivo ay sinugo

niya ang dalawa sa kaniyang mga alagad, **2** At sa kanila'y
sinabi, Magsiparoon kayo sa nayong nasa tapat ninyo: at
pagkapasok ninyo roon, ay masusumpungan ninyo ang
isang nakataling batang asno, na hindi pa nasasakyan ng
sinomang tao; inyong kalagin siya, at dalhin ninyo siya
rito. **3** At kung may magsabi sa inyo, Bakit ninyo ginagawa
ito? sabihin ninyo, Kinakailangan siya ng Panginoon; at
pagdaka'y ipadadala niya siya rito. **4** At sila'y nagsiyaon,
at kanilang nasumpungan ang batang asno na nakatali sa
pintuan sa labas ng lansangan; at siya'y kanilang kinalag.
**5** At ilan sa nangakatayo roon ay nangagsabi sa kanila,
Ano ang ginagawa ninyo na inyong kinakalag ang batang
asno? **6** At sinabi nila sa kanila ayon sa sinabi ni Jesus:
at pinabayaan nilang sila'y magsialis. **7** At dinala nila ang
batang asno kay Jesus, at inilagay nila sa ibabaw ng batang
asno ang kanilang mga damit; at ito'y sinakyan ni Jesus. **8** At
marami ang nagsisipaglatag ng kanilang mga damit sa daan;
at ang mga iba'y ng mga sanga, na kanilang pinutol sa mga
parang. **9** At ang nangasa unahan, at ang nagsisisunod,
ay nangagsisigawan, Hosanna; Mapalad ang pumaparito
sa pangalan ng Panginoon: **10** Mapalad ang kahariang
pumaparito, ang kaharian ng ating amang si David: Hosanna
sa kataastaasan. **11** At pumasok siya sa Jerusalem, sa
templo; at nang malingap niya sa palibotlibot ang lahat
ng mga bagay, at palibhasa'y hapon na, ay pumaroon
siya sa Betania na kasama ang labingdalawa. **12** At sa
kinabukasan, pagkaalis nila sa Betania, ay nagutom siya. **13**
At pagkatanaw niya sa malayo ng isang puno ng igos na may
mga dahon, ay lumapit siya, na baka sakaling makasumpong
doon ng anoman: at nang siya'y malapit sa kaniya ay wala
siyang nasumpungang anoman kundi mga dahon; sapagka't
hindi panahon ng mga igos. **14** At sumagot si Jesus at
sinabi rito, Sinomang tao'y hindi kakain ng iyong bunga mula
ngayon at magpakailan man. At ito'y narinig ng kaniyang
mga alagad. **(aiōn g165)** **15** At nagsidating sila sa Jerusalem:
at pumasok siya sa templo, at nagpasimulang kaniyang
itinaboy ang nangagbibili at nagsisibili sa loob ng templo, at
ginulo ang mga dulang ng nangagpapalit ng salapi, at ang
mga upuan ng nangagbibili ng mga kalapati; **16** At hindi niya
ipinahintulot na sinoman ay magdala ng anomang sisidlan
sa templo. **17** At siya'y nagturo, at sinabi sa kanila, Hindi
baga nasusulat, Ang aking bahay ay tatawaging bahay-
panalanginan ng lahat ng mga bansa? datapuwa't ginawa
ninyong yungib ng mga tulisan. **18** At yao'y narinig ng mga
pangulong saserdote at ng mga eskriba, at pinagsisikapan
kung paanong siya'y kanilang maipapapuksa: sapagka't
nangatatakot sila sa kaniya, dahil sa buong karamihan ay
nanggigilalas sa kaniyang aral. **19** At gabi-gabi'y lumalabas
siya sa bayan. **20** At sa pagdaraan nila pagka umaga, ay
nakita nila na ang puno ng igos ay tuyo na mula sa mga
ugat. **21** At sa pagkaalaala ni Pedro ay sinabi sa kaniya,
Rabi, narito, ang sinumpa mong puno ng igos ay natuyo. **22**
At pagsagot ni Jesus ay sinabi sa kanila, Magkaroon kayo
ng pananampalataya sa Dios. **23** Katotohanang sinasabi ko
sa inyo, Ang sinomang magsabi sa bundok na ito, Mapataas
ka at mapasugba ka sa dagat; at hindi magalinlangan
sa kaniyang puso, kundi manampalataya na mangyayari
ang sinabi niya; ay kakamtin niya yaon. **24** Kaya nga
sinasabi ko sa inyo, Ang lahat ng mga bagay na inyong
idinadalangin at hinihingi, ay magsisampalataya kayo na
inyong tinanggap na, at inyong kakamtin. **25** At kailan man
kayo'y nangakatayong nagsisipanalangin, mangagpatawad
kayo, kung mayroon kayong anomang laban sa kanino
man; upang ang inyong Ama naman na nasa langit ay
patawarin kayo ng inyong mga kasalanan. **26** Datapuwa't
kung hindi kayo magpapatawad, hindi rin kayo patatawarin
sa inyong mga kasalanan ng inyong Ama na nasa mga
langit. **27** At sila'y nagsiparoong muli sa Jerusalem: at
samantalang lumalakad siya sa templo, ay nagsilapit sa
kaniya ang mga pangulong saserdote, at ang mga eskriba,
at ang matatanda; **28** At sinabi nila sa kaniya, Sa anong
kapamahalaan ginagawa mo ang mga bagay na ito? o sino
ang sa iyo'y nagbigay ng kapamahalaang ito upang gawin
mo ang mga bagay na ito? **29** At sa kanila'y sinabi ni Jesus,
Tatanungin ko kayo ng isang tanong, at sagutin ninyo ako,
at aking sasabihin sa inyo kung sa anong kapamahalaan
ginagawa ko ang mga bagay na ito. **30** Ang bautismo ni
Juan, ay mula baga sa langit, o sa mga tao? sagutin ninyo
ako. **31** At kanilang pinagkatuwiranan sa kanilang sarili, na
sinasabi. Kung sabihin natin, Mula sa langit; ay sasabihin
niya, Bakit nga hindi ninyo siya pinaniwalaan? **32** Datapuwa't
kung sabihin natin, Mula sa mga tao-ay nangatatakot sila sa
bayan: sapagka't kinikilala ng lahat na si Juan ay tunay na
propeta. **33** At sila'y nagsisagot kay Jesus at nagsipagsabi,
Hindi namin nalalaman. At sinabi ni Jesus sa kanila, Hindi
ko rin sasabihin sa inyo kung sa anong kapamahalaan
ginagawa ko ang mga bagay na ito.

**12** At nagpasimulang pinagsalitaan niya sila sa mga
talinghaga. Nagtanim ang isang tao ng isang ubasan,
at binakuran ng mga buhay na punong kahoy, at humukay
roon ng isang pisaan ng ubas, at nagtayo ng isang bantayan,
at ipinagkatiwala yaon sa mga magsasaka, at napasa ibang
lupain. **2** At sa kapanahunan ay nagsugo siya ng isang
alipin sa mga magsasaka, upang tanggapin niya sa mga
magsasaka ang mga bunga ng ubasan. **3** At hinawakan nila
siya, at hinampas siya, at siya'y pinauwing walang dala. **4**
At siya'y muling nagsugo sa kanila ng ibang alipin; at ito'y
kanilang sinugatan sa ulo, at dinuwahagi. **5** At nagsugo siya

ng iba; at ito'y kanilang pinatay: at ang iba pang marami;
na hinampas ang iba, at ang iba'y pinatay. **6** Mayroon pa
siyang isa, isang sinisintang anak na lalake: ito'y sinugo
niyang kahulihulihan sa kanila, na sinasabi, Igagalang nila
ang aking anak. **7** Datapuwa't ang mga magsasakang yaon
ay nangagsangusapan, Ito ang tagapagmana; halikayo,
atin siyang patayin, at magiging atin ang mana. **8** At siya'y
kanilang hinawakan, at siya'y pinatay, at itinaboy sa labas ng
ubasan. **9** Ano nga kaya ang gagawin ng panginoon ng
ubasan? siya'y paroroon at pupuksain ang mga magsasaka,
at ibibigay ang ubasan sa mga iba. **10** Hindi man lamang
baga nabasa ninyo ang kasulatang ito: Ang batong itinakuwil
ng nangagtayo ng gusali, Ang siya ring ginawang pangulo sa
panulok; **11** Ito'y mula sa Panginoon, At ito'y kagilagilalas sa
harap ng ating mga mata. **12** At pinagsikapan nilang hulihin
siya; at sila'y natakot sa karamihan; sapagka't kanilang
napaghalata na kaniyang sinalita ang talinghaga laban sa
kanila: at siya'y iniwan nila, at nagsialis. **13** At kanilang sinugo
sa kaniya ang ilan sa mga Fariseo at sa mga Herodiano,
upang siya'y mahuli nila sa pananalita. **14** At nang sila'y
magsilapit, ay kanilang sinabi sa kaniya, Guro, nalalaman
namin na ikaw ay totoo, at hindi ka nangingimi kanino man;
sapagka't hindi ka nagtatangi ng mga tao, kundi itinuturo
mong may katotohanan ang daan ng Dios: Matuwid bagang
bumuwis kay Cesar, o hindi? **15** Bubuwis baga kami, o
hindi kami bubuwis? Datapuwa't siya, na nakatataho ng
kanilang pagpapaimbabaw, ay nagsabi sa kanila, Bakit ninyo
ako tinutukso? magdala kayo rito sa akin ng isang denario,
upang aking makita. **16** At dinalhan nila. At sinabi niya sa
kanila, Kanino ang larawang ito at ang nasusulat? At sinabi
nila sa kaniya, kay Cesar. **17** At sinabi sa kanila ni Jesus,
ibigay ninyo kay Cesar ang sa kay Cesar, at sa Dios ang
sa Dios. At sila'y nanggilalas na mainam sa kaniya. **18** At
nagsilapit sa kaniya ang mga Saduceo, na nangagsasabi na
walang pagkabuhay na maguli; at siya'y kanilang tinanong,
na sinasabi, **19** Guro, isinulat sa amin ni Moises, Kung
ang kapatid na lalake ng isang lalake ay mamatay, at may
maiwang asawa, at walang maiwang anak, ay kukunin ng
kaniyang kapatid ang kaniyang asawa, at bigyan ng anak
ang kaniyang kapatid. **20** May pitong lalaking magkakapatid:
at nagasawa ang panganay, at nang mamatay ay walang
naiwang anak; **21** At nagasawa sa bao ang pangalawa, at
namatay na walang naiwang anak; at gayon din naman
ang pangatlo: **22** At ang ikapito'y walang naiwang anak. Sa
kahulihulihan ng lahat ay namatay naman ang babae. **23**
Sa pagkabuhay na maguli, sino sa kanila ang magiging
asawa ng babae? sapagka't siya'y naging asawa ng pito. **24**
Sinabi sa kanila ni Jesus, Hindi kaya nangagkakamali kayo
dahil diyan, na hindi ninyo nalalaman ang mga kasulatan, ni
ang kapangyarihan ng Dios? **25** Sapagka't sa pagbabangon
nilang muli sa mga patay, ay hindi na mangagaasawa, ni
papagaasawahin pa; kundi gaya ng mga anghel sa langit. **26**
Nguni't tungkol sa mga patay, na sila'y mga ibabangon; hindi
baga ninyo nabasa sa aklat ni Moises, tungkol sa Mababang
punong kahoy, kung paanong siya'y kinausap ng Dios na
sinasabi, Ako ang Dios ni Abraham, at ang Dios ni Isaac, at
ang Dios ni Jacob? **27** Hindi siya ang Dios ng mga patay,
kundi ng mga buhay: kayo'y nangagkakamaling lubha. **28** At
lumapit ang isa sa mga eskriba, at nakarinig ng kanilang
pagtatalo, at palibhasa'y nalalamang mabuti ang pagkasagot
niya sa kanila, ay tinanong siya, Ano baga ang pangulong
utos sa lahat? **29** Sumagot si Jesus, Ang pangulo ay,
Pakinggan mo, Oh Israel; Ang Panginoon nating Dios, ang
Panginoon ay iisa: **30** At iibigin mo ang Panginoon mong Dios
ng buong puso mo, at ng buong kaluluwa mo, at ng buong
pagiisip mo, at ng buong lakas mo. **31** Ang pangalawa ay ito,
Iibigin mo ang iyong kapuwa na gaya ng iyong sarili. Walang
ibang utos na hihigit sa mga ito. **32** At sinabi sa kaniya ng
eskriba, Sa katotohanan, Guro, ay mabuti ang pagkasabi mo
na siya'y iisa; at wala nang iba liban sa kaniya: **33** At ang
siya'y ibigin ng buong puso, at ng buong pagkaunawa, at
ng buong lakas, at ibigin ang kapuwa niya na gaya ng sa
kaniyang sarili, ay higit pa kay sa lahat ng mga handog na
susunugin at mga hain. **34** At nang makita ni Jesus na siya'y
sumagot na may katalinuhan, ay sinabi niya sa kaniya, Hindi
ka malayo sa kaharian ng Dios. At walang tao, pagkatapos
noon na nangahas na tumanong pa sa kaniya ng anomang
tanong. **35** At sumagot si Jesus at nagsabi nang siya'y
nagtuturo sa templo, Paanong masasabi ng mga eskriba na
ang Cristo ay anak ni David? **36** Si David din ang nagsabi sa
pamamagitan ng Espiritu Santo, Sinabi ng Panginoon sa
aking Panginoon, Maupo ka sa aking kanan, Hanggang sa
gawin ko ang iyong mga kaaway na tungtungan ng iyong
mga paa. **37** Si David din ang tumatawag na Panginoon sa
kaniya; at paano ngang siya'y kaniyang anak? At ang mga
karaniwang tao ay nangakikinig sa kaniyang may galak. **38**
At sinabi niya sa kaniyang pagtuturo, Mangagingat kayo sa
mga eskriba, na ibig magsilakad na may mahahabang damit,
at pagpugayan sa mga pamilihan. **39** At ibig nila ang mga
pangulong upuan sa mga sinagoga, at ang mga pangulong
luklukan sa mga pigingan: **40** Silang nanganganakmal ng
mga bahay ng mga babaing bao, at dinadahilan ay ang
mahahabang panalangin; ang mga ito'y tatanggap ng lalong
malaking kahatulan. **41** At umupo siya sa tapat ng kabang-
yaman, at minasdan kung paanong inihuhulog ng karamihan
ang salapi sa kabang-yaman: at maraming mayayaman
ang nangaghuhulog ng marami. **42** At lumapit ang isang
babaing bao, at siya'y naghulog ng dalawang lepta, na ang

halaga'y halos isang beles. 43 At pinalapit niya sa kaniya
ang kaniyang mga alagad, at sinabi sa kanila, Katotohanang
sinasabi ko sa inyo, Ang dukhang baong babaing ito, ay
naghulog ng higit kay sa lahat ng nangaghuhulog sa kabang-
yaman: 44 Sapagka't silang lahat ay nagsipaghulog ng sa
kanila'y labis; datapuwa't siya sa kaniyang kasalatan ay
inihulog ang buong nasa kaniya, sa makatuwid baga'y ang
buong kaniyang ikabubuhay.

**13** At paglabas niya sa templo, ay sinabi sa kaniya
ng isa sa kaniyang mga alagad, Guro, masdan mo,
pagkaiinam ng mga bato, at pagkaiinam na mga gusali! 2 At
sinabi ni Jesus sa kaniya, Nakikita mo baga ang malalaking
gusaling ito? walang matitira ditong isang bato sa ibabaw
ng kapuwa bato na di ibabagsak. 3 At samantalang siya'y
nakaupo sa bundok ng mga Olivo sa tapat ng templo, ay
tinanong siya ng lihim ni Pedro at ni Santiago at ni Juan at ni
Andres, 4 Sabihin mo sa amin, kailan mangyayari ang mga
bagay na ito? at ano ang magiging tanda pagka malapit ng
maganap ang lahat ng mga bagay na ito? 5 At si Jesus
ay nagpasimulang magsabi sa kanila, Mangagingat kayo
na huwag kayong paligaw kanino mang tao. 6 Maraming
paririto sa aking pangalan, na magsisipagsabi, Ako ang
Cristo; at maliligaw ang marami. 7 At kung mangakarinig
kayo ng mga digma at ng mga alingawngaw ng mga digma,
ay huwag kayong mangagulumihanan: ang mga bagay na
ito'y dapat na mangyari: datapuwa't hindi pa ang wakas.
8 Sapagka't magtitindig ang bansa laban sa bansa, at
ang kaharian laban sa kaharian; at lilindol sa iba't ibang
dako; magkakagutom: ang mga bagay na ito'y pasimula ng
kahirapan. 9 Datapuwa't mangagingat kayo sa inyong sarili:
sapagka't kayo'y ibibigay nila sa mga Sanedrin; at kayo'y
hahampasin sa mga sinagoga; at kayo'y magsisitindig sa
harap ng mga gobernador at ng mga hari dahil sa akin, na
bilang patotoo sa kanila. 10 At sa lahat ng mga bansa ay
kinakailangan munang maipangaral ang evangelio. 11 At
pagka kayo'y dinala sa harap ng mga kapulungan, at kayo'y
ibigay, ay huwag kayong mangabalisa kung ano ang inyong
sasabihin: datapuwa't ang ipagkaloob sa inyo sa oras na
yaon, ay siya ninyong sabihin; sapagka't hindi kayo ang
magsasalita, kundi ang Espiritu Santo. 12 At ibibigay ng
kapatid sa kamatayan ang kapatid, at ng ama ang kaniyang
anak; at magsisipaghimagsik ang mga anak laban sa mga
magulang, at sila'y ipapapatay. 13 At kayo'y kapopootan
ng lahat ng mga tao dahil sa aking pangalan: datapuwa't
ang magtitiis hanggang sa wakas, ay siyang maliligtas. 14
Nguni't pagkakita ninyo ng kasuklamsuklam na paninira, na
nakatayo doon sa hindi dapat niyang kalagyan (unawain
ng bumabasa), kung magkagayo'y magsitakas sa mga
bundok ang nangasa Judea: 15 At ang nasa bubungan ay
huwag bumaba, ni pumasok, upang maglabas ng anoman
sa kaniyang bahay: 16 At ang nasa bukid ay huwag magbalik
upang kumuha ng kaniyang balabal. 17 Datapuwa't sa aba
ng nangagdadalangtao at ng nangagpapasuso sa mga
araw na yaon! 18 At magsipanalangin kayo na ito'y huwag
mangyari sa panahong taginaw. 19 Sapagka't ang mga
araw na yaon ay magiging kapighatian, na ang gayo'y di pa
nangyayari buhat sa pasimula ng paglalang na nilikha ng
Dios hanggang ngayon, at ni hindi na mangyayari kailan
man. 20 At malibang paikliin ng Panginoon ang mga araw,
ay walang laman na makaliligtas; datapuwa't dahil sa mga
hirang, na kaniyang hinirang, ay pinaikli niya ang mga
araw. 21 At kung magkagayon kung may magsabi sa inyong
sinomang tao, Narito, ang Cristo; o, Nariyan; huwag ninyong
paniwalaan: 22 Sapagka't may magsisilitaw na mga bulaang
Cristo at mga bulaang propeta, at mangagpapakita ng mga
tanda at mga kababalaghan, upang mailigaw nila, kung
mangyayari, ang mga hirang. 23 Datapuwa't mangagingat
kayo: narito, ipinagpauna ko nang sinabi sa inyo ang lahat ng
mga bagay. 24 Nguni't sa mga araw na yaon, pagkatapos ng
kapighatiang yaon, ay magdidilim ang araw, at ang buwan ay
hindi magbibigay ng kaniyang liwanag, 25 At mangalalaglag
ang mga bituin mula sa langit, at magsisipangatal ang mga
kapangyarihan sa mga langit. 26 At kung magkagayo'y
makikita nila ang Anak ng tao na napariritong nasa mga
alapaap na may dakilang kapangyarihan at kaluwalhatian.
27 At kung magkagayo'y susuguin niya ang mga anghel,
at titipunin ang kaniyang mga hinirang mula sa apat na
hangin, mula sa wakas ng lupa hanggang sa dulo ng langit.
28 Sa puno nga ng igos ay pag-aralan ninyo ang kaniyang
talinghaga: pagka nananariwa ang kaniyang sanga, at
sumusupling ang mga dahon, ay nalalaman ninyo na malapit
na ang tagaraw; 29 Gayon din naman kayo, pagka nangakita
ninyong nangyari ang mga bagay na ito, ay talastasin ninyo
na siya'y malapit na, nasa mga pintuan nga. 30 Katotohanang
sinasabi ko sa inyo, Hindi lilipas ang lahing ito, hanggang
sa mangaganap ang lahat ng mga bagay na ito. 31 Ang
langit at ang lupa ay lilipas: datapuwa't ang aking mga salita
ay hindi lilipas. 32 Nguni't tungkol sa araw o oras na yaon
ay walang nakakaalam, kahit ang mga anghel sa langit,
kahit ang Anak, kundi ang Ama. 33 Kayo'y mangagingat,
mangagpuyat at magsipanalangin: sapagka't hindi ninyo
nalalaman kung kailan kaya ang panahon. 34 Gaya ng isang
tao na nanirahan sa ibang lupain, na pagkaiwan ng kaniyang
bahay, at pagkabigay ng kapamahalaan sa kaniyang mga
alipin, sa bawa't isa'y ang kaniyang gawain, ay nagutos din
naman sa bantay-pinto na magpuyat. 35 Mangagpuyat nga
kayo: sapagka't hindi ninyo nalalaman kung kailan paririto
ang panginoon ng bahay, kung sa hapon, o sa hating gabi, o

sa pagtilaok ng manok, o sa umaga; 36 Baka kung biglang
pumarito ay kayo'y mangaratnang nangatutulog. 37 At ang
sinasabi ko sa inyo ay sinasabi ko sa lahat, Mangagpuyat
kayo.

**14** Pagkaraan nga ng dalawang araw ay kapistahan ng
paskua at ng mga tinapay na walang lebadura: at
pinagsisikapan ng mga pangulong saserdote at ng mga
eskriba kung paanong siya'y huhulihin sa pamamagitan ng
daya, at siya'y maipapatay. 2 Sapagka't sinasabi nila, Huwag
sa kapistahan, baka magkagulo ang bayan. 3 At samantalang
siya'y nasa Betania sa bahay ni Simon na ketongin,
samantalang siya'y nakaupo sa pagkain, ay dumating ang
isang babae na may dalang isang sisidlang alabastro na puno
ng unguentong nardo na totoong mahalaga; at binasag niya
ang sisidlan, at ibinuhos sa kaniyang ulo. 4 Datapuwa't may
ilan na nangagalit sa kanilang sarili, na nagsipagsabi, Ano
ang layon ng pagaaksayang ito ng unguento? 5 Sapagka't
ang unguentong ito'y maipagbibili ng mahigit sa tatlong
daang denario, at maibibigay sa mga dukha. At inupasalaan
nila ang babae. 6 Datapuwa't sinabi ni Jesus, Pabayaan
ninyo siya; bakit ninyo siya binabagabag? mabuting gawa
ang ginawa niya sa akin. 7 Sapagka't laging nasa inyo ang
mga dukha, at kung kailan man ibigin ninyo ay mangyayaring
magawan ninyo sila ng magaling: datapuwa't ako'y hindi
laging nasa inyo. 8 Ginawa niya ang kaniyang nakaya;
nagpauna na siya na pahiran ang katawan ko sa paglilibing
sa akin. 9 At katotohanang sinasabi ko sa inyo, Saan man
ipangaral ang evangelio sa buong sanglibutan, ay sasaysayin
din ang ginawa ng babaing ito sa pagaalaala sa kaniya. 10
At si Judas Iscariote, na isa sa labingdalawa, ay naparoon
sa mga pangulong saserdote, upang maipagkanulo niya siya
sa kanila. 11 At sila, pagkarinig nila nito, ay nangatuwa, at
nagsipangakong siya'y bibigyan ng salapi. At pinagsikapan
niya kung paanong siya ay kaniyang maipagkakanulo sa
kapanahunan. 12 At nang unang araw ng mga tinapay
na walang lebadura, nang kanilang inihahain ang kordero
ng paskua, ay sinabi sa kaniya, ng kaniyang mga alagad,
Saan mo ibig kaming magsiparoon at ipaghanda ka upang
makakain ng kordero ng paskua? 13 At sinugo ang dalawa
sa kaniyang mga alagad, at sa kanila'y sinabi, Magsiparoon
kayo sa bayan, at doo'y masasalubong ninyo ang isang
lalake na may dalang isang bangang tubig: sundan ninyo
siya; 14 At saan man siya pumasok, ay sabihin ninyo sa
puno ng sangbahayan, Sinasabi ng Guro, Saan naroon ang
aking tuluyan, na makakanan ko ng kordero ng paskua na
kasalo ng aking mga alagad? 15 At ituturo niya sa inyo ang
isang malaking silid sa itaas na nagagayakan at handa na:
at ipaghanda ninyo roon tayo. 16 At nagsiyaon ang mga
alagad, at nagsipasok sa bayan, at nasumpungan ang ayon
sa sinabi niya sa kanila: at inihanda nila ang kordero ng
paskua. 17 At nang gumabi na ay naparoon siyang kasama
ang labingdalawa. 18 At samantalang sila'y nangakaupo na
at nagsisikain, ay sinabi ni Jesus, Katotohanang sinasabi
ko sa inyo, Ang isa sa inyo na kasalo kong kumakain, ay
ipagkakanulo ako. 19 Sila'y nagpasimulang nangamanglaw,
at isaisang nagsabi sa kaniya, Ako baga? 20 At sinabi
niya sa kanila, Isa nga sa labingdalawa, yaong sumabay
sa aking sumawsaw sa pinggan. 21 Sapagka't papanaw
ang Anak ng tao, ayon sa nasusulat tungkol sa kaniya:
datapuwa't sa aba niyaong taong nagkakanulo sa Anak ng
tao! mabuti pa sa taong yaon ang hindi na siya ipinanganak.
22 At samantalang sila'y nagsisikain, ay dumampot siya
ng tinapay, at nang kaniyang mapagpala, ay kaniyang
pinagputolputol, at ibinigay sa kanila, at sinabi, Inyong kunin:
ito ang aking katawan. 23 At siya'y dumampot ng isang
saro, at nang siya'y makapagpasalamat, ay ibinigay niya sa
kanila: at doo'y nagsiinom silang lahat. 24 At sinabi niya sa
kanila, Ito'y ang aking dugo ng tipan, na nabubuhos dahil
sa marami. 25 Katotohanang sinasabi ko sa inyo, na hindi
na ako iinom ng bunga ng ubas, hanggang sa araw na
yaon na inumin kong panibago sa kaharian ng Dios. 26 At
pagkaawit nila ng isang imno, ay nagsiparoon sila sa bundok
ng mga Olivo. 27 At sinabi sa kanila ni Jesus, Kayong
lahat ay mangatitisod: sapagka't nasusulat, Sasaktan ko
ang pastor, at mangangalat ang mga tupa. 28 Gayon ma'y
pagkapagbangon ko, ay mauuna ako sa inyo sa Galilea. 29
Datapuwa't sinabi sa kaniya ni Pedro, Bagama't mangatitisod
ang lahat, nguni't ako'y hindi. 30 At sinabi sa kaniya ni Jesus,
Katotohanang sinasabi ko sa iyo, na ngayon, sa gabi ring
ito, bago tumilaok ang manok ng makalawa, ay ikakaila mo
akong makaitlo. 31 Datapuwa't lalo nang nagmatigas siya
na sinabi, Kahima't kailangang mamatay akong kasama
mo, ay hindi kita ikakaila. At sinabi rin naman ng lahat ang
gayon din. 32 At nagsirating sila sa isang dako na tinatawag
na Getsemani: at sinabi niya sa kaniyang mga alagad,
Magsiupo kayo rito, samantalang ako'y nananalangin. 33
At kaniyang isinama si Pedro at si Santiago at si Juan, at
nagpasimulang nagtakang totoo, at namanglaw na mainam.
34 At sinabi niya sa kanila, Namamanglaw na lubha ang
aking kaluluwa, hanggang sa kamatayan: mangatira kayo
rito, at mangagpuyat. 35 At lumakad siya sa dako pa roon,
at nagpatirapa sa lupa, at idinalangin na, kung mangyayari,
ay makalampas sa kaniya ang oras. 36 At kaniyang sinabi,
Abba, Ama, may pangyayari sa iyo ang lahat ng mga bagay;
ilayo mo sa akin ang sarong ito: gayon ma'y hindi ang ayon
sa ibig ko, kundi ang ayon sa ibig mo. 37 At siya'y lumapit,
at naratnang sila'y nangatutulog, at sinabi kay Pedro, Simon,
natutulog ka baga? hindi ka makapagpuyat ng isang oras?

38 Kayo'y mangagpuyat at magsipanalangin, upang huwag
kayong magsipasok sa tukso: ang espiritu sa katotohanan ay
may ibig, datapuwa't mahina ang laman. 39 At muli siyang
umalis, at nanalangin, na sinabi ang gayon ding mga salita.
40 At muli siyang nagbalik, at naratnang sila'y nangatutulog,
sapagka't nangabibigatang totoo ang kanilang mga mata; at
wala silang maalamang sa kaniya'y isagot. 41 At lumapit
siyang bilang ikatlo, at sinabi sa kanila, Mangatulog na
kayo, at mangagpahinga: sukat na; dumating na ang oras;
narito, ang Anak ng tao ay ipagkakanulo sa mga kamay
ng mga makasalanan. 42 Magsitindig kayo, hayo na tayo:
narito, malapit na ang nagkakanulo sa akin. 43 At pagdaka,
samantalang nagsasalita pa siya, ay dumating si Judas, na
isa sa labingdalawa, at kasama niya ang isang karamihang
may mga tabak at mga panghampas, na mula sa mga
pangulong saserdote at sa mga eskriba at sa matatanda.
44 Ang nagkanulo nga sa kaniya ay nagbigay sa kanila ng
isang hudyat, na sinasabi, Ang aking hagkan, ay yaon nga;
hulihin ninyo siya, at dalhin ninyo siyang maingat. 45 At nang
dumating siya, pagdaka'y lumapit siya sa kaniya, at nagsabi,
Rabi; at siya'y hinagkan. 46 At siya'y sinunggaban nila, at
siya'y kanilang dinakip. 47 Datapuwa't isa sa nangaroon
ay nagbunot ng kaniyang tabak, at sinugatan ang alipin
ng dakilang saserdote, at tinigpas ang kaniyang tainga.
48 At sumagot si Jesus at sinabi sa kanila, Kayo baga'y
nagsilabas, na parang laban sa isang tulisan, na may mga
tabak at mga panghampas upang dakpin ako? 49 Araw-araw
ay kasama ninyo ako sa templo, na nagtuturo at hindi ninyo
ako hinuli: nguni't nangyari ito upang matupad ang mga
kasulatan. 50 At iniwan siya ng lahat, at nagsitakas. 51 At
sinundan siya ng isang binata, na nababalot ng isang kumot
ang katawan niyang hubo't hubad: at hinawakan nila siya;
52 Datapuwa't kaniyang binitiwan ang kumot, at tumakas
na hubo't hubad. 53 At dinala nila si Jesus sa dakilang
saserdote: at nangagpipisan sa kaniya ang lahat ng mga
pangulong saserdote at ang matatanda at ang mga eskriba.
54 At si Pedro ay sumunod sa kaniya sa malayo, hanggang
sa loob ng looban ng dakilang saserdote; at nakiumpok
siya sa mga punong kawal, at nagpapainit sa ningas ng
apoy. 55 Ang mga pangulong saserdote nga at ang buong
Sanedrin ay nagsisihanap ng patotoo laban kay Jesus upang
siya'y ipapatay; at hindi nangasumpungan. 56 Sapagka't
marami ang nagsisaksi ng kasinungalingan laban sa kaniya,
at ang kanilang mga patotoo ay hindi nangagkatugma. 57 At
nagsipagtindig ang ilan, at nagsisaksi ng kasinungalingan
laban sa kaniya, na sinasabi, 58 Narinig naming sinabi niya,
Aking igigiba ang templong ito na gawa ng mga kamay,
at sa loob ng tatlong araw ay itatayo ko ang ibang hindi
gawa ng mga kamay. 59 At kahit sa papagayon man ay
hindi rin nangagkatugma ang patotoo nila. 60 At nagtindig sa
gitna ang dakilang saserdote, at tinanong si Jesus na sinabi,
Hindi ka sumasagot ng anoman? ano ang sinasaksihan ng
mga ito laban sa iyo? 61 Datapuwa't siya'y hindi umiimik, at
walang isinagot. Tinanong siyang muli ng dakilang saserdote,
at sinabi sa kaniya, Ikaw baga ang Cristo, ang Anak ng
Mapalad? 62 At sinabi ni Jesus, Ako nga; at makikita ninyo
ang Anak ng tao na nakaupo sa kanan ng Makapangyarihan,
at pumaparito na nasa mga alapaap ng langit. 63 At hinapak
ng dakilang saserdote ang kaniyang mga damit, at nagsabi,
Ano pang kailangan natin ng mga saksi? 64 Narinig ninyo
ang kapusungan: ano sa akala ninyo? At hinatulan nilang
lahat na siya'y dapat mamatay. 65 At pinasimulang luraan
siya ng ilan, at tinakpan ang kaniyang mukha, at siya'y
pinagsusuntok, at sa kaniya'y kanilang sinasabi, Hulaan
mo: at siya'y pinagsusuntok ng mga punong kawal. 66 At
samantalang nasa ibaba si Pedro, sa looban, ay lumapit
ang isa sa mga alilang babae ng dakilang saserdote; 67
At pagkakita niya kay Pedro na nagpapainit, ay tinitigan
niya siya, at sinabi, Ikaw man ay kasama rin ng Nazareno,
na si Jesus. 68 Datapuwa't siya'y kumaila, na sinasabi,
Hindi ko nalalaman, ni nauunawa man ang sinasabi mo:
at lumabas siya sa portiko; at tumilaok ang manok. 69 At
nakita siya ng alilang babae, at nagpasimulang magsabing
muli sa nangaroroon, Ito ay isa sa kanila. 70 Datapuwa't
muling ikinaila niya. At hindi nalaon, at ang nangaroon ay
nangagsabing muli kay Pedro. Sa katotohanang ikaw ay
isa sa kanila; sapagka't ikaw ay Galileo. 71 Datapuwa't
siya'y nagpasimulang manungayaw, at manumpa, Hindi ko
nakikilala ang taong ito na inyong sinasabi. 72 At pagdaka,
bilang pangalawa'y tumilaok ang manok. At naalaala ni
Pedro ang salitang sinabi ni Jesus sa kaniya, Bago tumilaok
ang manok ng makalawa, ay ikakaila mo akong makaitlo. At
nang maisip niya ito, ay tumangis siya.

**15** At pagdaka, pagkaumaga ay nangagsangusapan ang
mga pangulong saserdote pati ng matatanda at mga
eskriba, at ang buong Sanedrin, at ginapos si Jesus, at
inilabas siya, at ibinigay siya kay Pilato. 2 At itinanong sa
kaniya ni Pilato, Ikaw baga ang Hari ng mga Judio? At
pagsagot niya ay sinabi sa kaniya, Ikaw ang nagsasabi. 3
At isinakdal siya sa maraming bagay ng mga pangulong
saserdote. 4 At muling tinanong siya ni Pilato, na sinasabi,
Hindi ka sumasagot ng anoman? tingnan mo kung gaano
karaming bagay ang kanilang isinasakdal laban sa iyo. 5
Datapuwa't si Jesus ay hindi na sumagot ng anoman; ano pa't
nanggilalas si Pilato. 6 Sa kapistahan nga ay pinagkaugalian
niya na pawalan sa kanila ang isang bilanggo, na kanilang
hingin sa kaniya. 7 At mayroong isa na kung tawagin ay
Barrabas, na nagagapos na kasama ng nangaghimagsik,

mga taong nagsipatay ng mga tao sa panghihimagsik. **8** At
nagsipanhik ang karamihan at nangagpasimulang hingin
sa kaniya na sa kanila'y gawin ang gaya ng sa kanila'y
laging ginagawa. **9** At sinagot sila ni Pilato, na sinasabi,
Ibig baga ninyo na pawalan ko sa inyo ang Hari ng mga
Judio? **10** Sapagka't natatalastas niya na sa kapanaghilian
ay ibinigay siya ng mga pangulong saserdote. **11** Datapuwa't
inudyukan ng mga pangulong saserdote ang karamihan, na
si Barrabas na muna ang siya niyang pawalan sa kanila.
**12** At sumagot na muli si Pilato at sa kanila'y sinabi, Ano
nga ang aking gagawin sa inyong tinatawag na Hari ng
mga Judio? **13** At sila'y muling nagsigawan, Ipako siya sa
krus. **14** At sinabi sa kanila ni Pilato, Bakit, anong masama
ang kaniyang ginawa? Datapuwa't sila'y lalong nagsigawan,
Ipako siya sa krus. **15** At sa pagkaibig ni Pilato na magbigay-
loob sa karamihan, ay pinawalan sa kanila si Barrabas, at
ibinigay si Jesus, pagkatapos na siya'y mahampas niya,
upang siya'y ipako sa krus. **16** At dinala siya ng mga
kawal sa looban, na siyang Pretorio; at kanilang tinipon
ang buong pulutong. **17** At siya'y kanilang dinamtan ng
kulay-ube, at nang makapagkamakama ng isang putong na
tinik, ay ipinutong nila sa kaniya. **18** At nagpasimula silang
siya'y batiin, Aba, Hari ng mga Judio! **19** At sinaktan nila
ang kaniyang ulo ng isang tambo, at siya'y nilulunaan, at
pagkaluhod nila, siya'y sinamba. **20** At nang siya'y kanilang
malibak na, ay inalis nila sa kaniya ang kulay-ube, at isinuot
sa kaniya ang kanyang mga damit. At siya'y kanilang inilabas
upang ipako siya sa krus. **21** At kanilang pinilit ang isang
nagdaraan, si Simon na taga Cirene, na ama ni Alejandro
at ni Rufo, na nanggagaling sa bukid, upang sumama sa
kanila, upang pasanin niya ang kaniyang krus. **22** At siya'y
kanilang dinala sa dako ng Golgota, na kung liliwanagin ay,
Ang dako ng bungo. **23** At siya'y dinulutan nila ng alak na
hinaluan ng mirra: datapuwa't hindi niya tinanggap. **24** At
siya'y kanilang ipinako sa krus, at kanilang pinaghatihatian
ang kaniyang mga damit, na kanilang pinagsapalaran, kung
alin ang dadalhin ng bawa't isa. **25** At ikatlo na ang oras,
at siya'y kanilang ipinako sa krus. **26** At ang pamagat ng
pagkasakdal sa kaniya ay isinulat sa ulunan, ANG HARI
NG MGA JUDIO. **27** At ipinako sa krus na kasama niya
ang dalawang tulisan; isa sa kaniyang kanan, at isa sa
kaniyang kaliwa. **28** At natupad ang kasulatan, na nagsasabi:
At siya'y ibinilang sa mga suwail. **29** At siya'y inalipusta
ng nagsisipagdaan na pinatatangotango ang kanilang mga
ulo, at sinasabi, Ah! ikaw na iginigiba mo ang templo, at sa
tatlong araw ay iyong itinatayo, **30** Iyong iligtas ang sarili
mo, at bumaba ka sa krus. **31** Gayon din naman ang mga
pangulong saserdote pati ng mga eskriba, siya'y minumura
na nangagsasalitaan sila-sila na sinasabi, Nagligtas siya
sa mga iba; sa kaniyang sarili ay hindi makapagligtas. **32**
Bumaba ngayon mula sa krus ang Cristo, ang Hari ng Israel,
upang aming makita at sampalatayanan. At minumura siya
ng mga kasama niyang nangapapako. **33** At nang dumating
ang ikaanim na oras, ay nagdilim sa buong lupa hanggang sa
oras na ikasiyam. **34** At nang oras na ikasiyam ay sumigaw
si Jesus ng malakas na tinig: Eloi, Eloi, lama sabacthani?
na kung liliwanagin ay, Dios ko, Dios ko, bakit mo ako
pinabayaan? **35** At nang marinig ng ilang nangaroon, ay
sinabi nila, Narito, tinatawag niya si Elias. **36** At tumakbo ang
isa, at binasa ng suka ang isang espongha, saka inilagay sa
isang tambo, at ipinainom sa kaniya, na sinasabi, Pabayaan
ninyo; tingnan natin kung paririto si Elias upang siya'y ibaba.
**37** At si Jesus ay sumigaw ng malakas na tinig, at nalagot
ang hininga. **38** At ang tabing ng templo ay nahapak na
nagkadalawa mula sa itaas hanggang sa ibaba. **39** At ang
senturiong nakatayo sa tapat niya, nang makitang malagot
ang hininga niya, ay kaniyang sinabi, Katotohanang ang
taong ito ay Anak ng Dios. **40** At mayroon din namang mga
babae na nagsisitanaw mula sa malayo: na sa mga yao'y
nangaroroon kapuwa si Maria Magdalena, at si Mariang
ina ni Santiago na bata at ni Jose, at si Salome; **41** Na,
nang siya'y nasa Galilea, ay nagsisunod sila sa kaniya,
at siya'y pinaglilingkuran nila; at mga iba pang maraming
babae na nagsiahong kasama niya sa Jerusalem. **42** At nang
kinahapunan, sapagka't noo'y Paghahanda, sa makatuwid
baga'y ang araw na nauuna sa sabbath, **43** Dumating si
Jose na taga Arimatea, isang kasangguni na may marangal
na kalagayan, na naghihintay rin naman ng kaharian ng
Dios; at pinangahasan niyang pinasok si Pilato, at hiningi
ang bangkay ni Jesus. **44** At nanggilalas si Pilato kung siya'y
patay na: at nang mapalapit niya sa kaniya ang senturion,
ay itinanong niya sa kaniya kung malaon nang patay. **45** At
nang matanto niya sa senturion, ay ipinagkaloob niya ang
bangkay kay Jose. **46** At binili niya ang isang kayong lino, at
pagkababa sa kaniya sa krus, ay binalot siya ng kayong lino
at inilagay siya sa isang libingan na hinukay sa isang bato;
at iginulong niya ang isang bato hanggang sa pintuan ng
libingan. **47** At tinitingnan ni Maria Magdalena at ni Mariang
ina ni Jose kung saan siya nalagay.

**16** At nang makaraan ang sabbath, si Maria Magdalena,
at si Mariang ina ni Santiago, at si Salome, ay
nagsibili ng mga pabango, upang sila'y magsiparoon at
siya'y pahiran. **2** At pagkaumagang-umaga nang unang
araw ng sanglinggo, ay nagsiparoon sila sa libingan nang
sikat na ang araw. **3** At kanilang pinaguusapan, Sino kaya
ang ating mapagpapagulong ng bato mula sa pintuan ng
libingan? **4** At pagkatingin, ay nakita nilang naigulong na ang
bato: sapagka't yao'y totoong malaki. **5** At pagkapasok sa

libingan, ay kanilang nakita ang isang binata na nakaupo sa
dakong kanan, na nararamtan ng isang damit na maputi; at
sila'y nangagitla. **6** At sinabi niya sa kanila, Huwag kayong
mangagitla: hinahanap ninyo si Jesus, ang Nazareno, na
ipinako sa krus: siya'y nagbangon; wala siya rito: tingnan
ninyo ang dakong pinaglagyan nila sa kaniya! **7** Datapuwa't
magsiyaon kayo, sabihin ninyo sa kaniyang mga alagad
at kay Pedro, Siya'y nangunguna sa inyo sa Galilea: doon
siya makikita, ayon sa sinabi niya sa inyo. **8** At sila'y
nagsilabas, at nagsitakas mula sa libingan; sapagka't sila'y
nagsipangilabot at nangagitla: at hindi sila nangagsasabi ng
anoman sa kanino man; sapagka't sila'y nangatatakot. **9**
**(note: The most reliable and earliest manuscripts do not include Mark
16:9-20.)** Nang siya nga'y magbangon nang unang araw ng
sanglinggo, ay napakita muna siya kay Maria Magdalena, na
sa kaniya'y pitong demonio ang pinalabas niya. **10** Siya'y
yumaon at ipinagbigay alam sa mga naging kasamahan ni
Jesus, samantalang sila'y nangahahapis at nagsisitangis. **11**
At sila, nang kanilang mabalitaan na siya'y nabuhay, at nakita
ni Magdalena, ay hindi sila nagsipaniwala. **12** At pagkatapos
ng mga bagay na ito ay napakita siya sa ibang anyo sa
dalawa sa kanila, nang sila'y nangaglalakad na patungo
sa bukid. **13** At sila'y nagsiyaon at ipinagbigay-alam ito sa
mga iba: at kahit sa kanila'y hindi rin sila nagsipaniwala. **14**
At pagkatapos siya'y napakita sa labingisa samantalang
sila'y nangakaupong nagsisikain; at pinagwikaan sila sa
kawalan nila ng pananampalataya at katigasan ng puso,
sapagka't hindi sila nagsipaniwala sa nangakakita sa kaniya
pagkatapos na siya'y magbangon. **15** At sinabi niya sa kanila,
Magsiyaon kayo sa buong sanglibutan, at inyong ipangaral
ang evangelio sa lahat ng kinapal. **16** Ang sumasampalataya
at mabautismuhan ay maliligtas; datapuwa't ang hindi
sumasampalataya ay parurusahan. **17** At lalakip ang mga
tandang ito sa magsisisampalataya: mangagpapalabas sila
ng mga demonio sa aking pangalan; mangagsasalita sila ng
mga bagong wika; **18** Sila'y magsisihawak ng mga ahas,
at kung magsiinom sila ng bagay na makamamatay, sa
anomang paraan ay hindi makasasama sa kanila; ipapatong
nila ang kanilang mga kamay sa mga may-sakit, at sila'y
magsisigaling. **19** Ang Panginoong Jesus nga, pagkatapos
na sila'y mangakausap niya, ay tinanggap sa itaas ng
langit, at lumuklok sa kanan ng Dios. **20** At nagsialis
sila, at nagsipangaral sa lahat ng dako, na gumagawang
kasama nila ang Panginoon, at pinatototohanan ang salita
sa pamamagitan ng mga tandang kalakip. Siya nawa.

# Lucas

**1** Yamang marami ang nagpilit mag-ayos ng isang
kasaysayan noong mga bagay na naganap sa gitna
natin, **2** Alinsunod sa ipinatalos sa atin nilang buhat sa
pasimula ay mga saksing nangakakakita at mga ministro ng
salita, **3** Ay minagaling ko naman, pagkasiyasat na lubos
ng pangyayari ng lahat ng mga bagay mula nang una, na
isulat sa iyong sunodsunod, kagalanggalang na Teofilo;
**4** Upang mapagkilala mo ang katunayan tungkol sa mga
bagay na itinuro sa iyo. **5** Nagkaroon nang mga araw ni
Herodes, hari sa Judea, ng isang saserdoteng ang ngala'y
Zacarias, sa pulutong ni Abias: at ang naging asawa niya
ay isa sa mga anak na babae ni Aaron, at ang kaniyang
ngala'y Elisabet. **6** At sila'y kapuwa matuwid sa harap ng
Dios, na nagsisilakad na walang kapintasan sa lahat ng
mga utos at mga palatuntunan ng Panginoon. **7** At wala
silang anak, sapagka't baog si Elisabet, at sila'y kapuwa may
pataw ng maraming taon. **8** Nangyari nga, na samantalang
ginaganap niya ang pagkasaserdote sa harapan ng Dios
ayon sa kapanahunan ng kaniyang pulutong, **9** Alinsunod sa
kaugalian ng tungkuling pagkasaserdote, ay naging palad
niya ang pumasok sa templo ng Panginoon at magsunog
ng kamangyan. **10** At ang buong karamihan ng mga tao
ay nagsisipanalangin sa labas sa oras ng kamangyan. **11**
At napakita sa kaniya ang isang anghel ng Panginoon, na
nakatayo sa dakong kanan ng dambana ng kamangyan. **12**
At nagulumihanan si Zacarias, pagkakita niya sa kaniya, at
dinatnan siya ng takot. **13** Datapuwa't sinabi sa kaniya ng
anghel, Huwag kang matakot, Zacarias: sapagka't dininig ang
daing mo, at ang asawa mong si Elisabet ay manganganak
sa iyo ng isang anak na lalake, at tatawagin mong Juan
ang kaniyang pangalan. **14** At magkakaroon ka ng ligaya
at galak; at marami ang maliligaya sa pagkapanganak sa
kaniya. **15** Sapagka't siya'y magiging dakila sa paningin
ng Panginoon, at siya'y hindi iinom ng alak ni matapang
na inumin; at siya'y mapupuspos ng Espiritu Santo, mula
pa sa tiyan ng kaniyang ina. **16** At marami sa mga anak
ni Israel, ay papagbabaliking-loob niya sa Panginoon na
kanilang Dios. **17** At siya'y lalakad sa unahan ng kaniyang
mukha na may espiritu at kapangyarihan ni Elias, upang
papagbaliking-loob ang mga puso ng mga ama sa mga anak,
at ang mga suwail ay magsilakad sa karunungan ng mga
matuwid, upang ipaglaan ang Panginoon ng isang bayang
nahahanda. **18** At sinabi ni Zacarias sa anghel, Sa ano
malalaman ko ito? sapagka't ako'y matanda na, at ang aking
asawa ay may pataw ng maraming taon. **19** At pagsagot ng
anghel ay sinabi sa kaniya, Ako'y si Gabriel, na nananayo sa
harapan ng Dios; at ako'y sinugo upang makipagusap sa
iyo, at magdala sa iyo nitong mabubuting balita. **20** At narito,
mapipipi ka at hindi ka makapangungusap, hanggang sa
araw na mangyari ang mga bagay na ito, sapagka't hindi
ka sumampalataya sa aking mga salita, na magaganap
sa kanilang kapanahunan. **21** At hinihintay ng bayan si
Zacarias, at nanganggigilalas sila sa kaniyang pagluluwat
sa loob ng templo. **22** At nang lumabas siya, ay hindi
siya makapagsalita sa kanila: at hininagap nila na siya'y
nakakita ng isang pangitain sa templo: at siya'y nagpatuloy
ng pakikipagusap sa kanila, sa pamamagitan ng mga hudyat,
at nanatiling pipi. **23** At nangyari, na nang maganap na
ang mga araw ng kaniyang paglilingkod, siya'y umuwi sa
kaniyang bahay. **24** At pagkatapos ng mga araw na ito ay
naglihi ang kaniyang asawang si Elisabet; at siya'y lumigpit
ng limang buwan, na nagsasabi, **25** Ganito ang ginawa ng
Panginoon sa akin sa mga araw nang ako'y tingnan niya,
upang alisin ang aking pagkaduwahagi sa gitna ng mga
tao. **26** Nang ikaanim na buwan nga'y sinugo ng Dios ang
anghel Gabriel sa isang bayan ng Galilea, ngala'y Nazaret,
**27** Sa isang dalagang magaasawa sa isang lalake, na ang
kaniyang ngala'y Jose, sa angkan ni David; at Maria ang
pangalan ng dalaga. **28** At pumasok siya sa kinaroroonan
niya, at sinabi, Magalak ka, ikaw na totoong pinakamamahal,
ang Panginoon ay sumasa iyo. **29** Datapuwa't siya'y totoong
nagulumihanan sa sabing ito, at iniisip sa kaniyang sarili
kung anong bati kaya ito. **30** At sinabi sa kaniya ng anghel,
Huwag kang matakot, Maria: sapagka't nakasumpong ka
ng biyaya sa Dios. **31** At narito, maglilihi ka sa iyong tiyan,
at manganganak ka ng isang lalake, at tatawagin mo ang
kaniyang pangalang JESUS. **32** Siya'y magiging dakila, at
tatawaging Anak ng Kataastaasan: at sa kaniya'y ibibigay ng
Panginoong Dios ang luklukan ni David na kaniyang ama:
**33** At siya'y maghahari sa angkan ni Jacob magpakailan
man; at hindi magkakawakas ang kaniyang kaharian. **(aiōn
g165)** **34** At sinabi ni Maria sa anghel, Paanong mangyayari
ito, sa ako'y hindi nakakakilala ng lalake? **35** At sumagot
ang anghel, at sinabi sa kaniya, Bababa sa iyo ang Espiritu
Santo, at lililiman ka ng kapangyarihan ng Kataastaasan:
kaya naman ang banal na bagay na ipanganganak ay
tatawaging Anak ng Dios. **36** At narito, si Elisabet na iyong
kamaganak, ay naglihi rin naman ng isang anak na lalake
sa kaniyang katandaan; at ito ang ikaanim na buwan niya,
na dati'y tinatawag na baog. **37** Sapagka't walang salitang
mula sa Dios na di may kapangyarihan. **38** At sinabi ni
Maria, Narito, ang alipin ng Panginoon; mangyari sa akin
ang ayon sa iyong salita. At iniwan siya ng anghel. **39** At
nang mga araw na ito'y nagtindig si Maria, at nagmadaling
napasa lupaing maburol, sa isang bayan ng Juda; **40** At
pumasok sa bahay ni Zacarias at bumati kay Elisabet. **41** At

nangyari, pagkarinig ni Elisabet ng bati ni Maria, ay lumukso
ang sanggol sa kaniyang tiyan; at napuspos si Elisabet ng
Espiritu Santo; 42 At sumigaw siya ng malakas na tinig,
at sinabi, Pinagpala ka sa mga babae, at pinagpala ang
bunga ng iyong tiyan. 43 At ano't nangyari sa akin, na ang
ina ng aking Panginoon ay pumarito sa akin? 44 Sapagka't
ganito, pagdating sa aking mga pakinig ng tinig ng iyong bati,
lumukso sa tuwa ang sanggol sa aking tiyan. 45 At mapalad
ang babaing sumampalataya; sapagka't matutupad ang mga
bagay na sa kaniya'y sinabi ng Panginoon. 46 At sinabi ni
Maria, Dinadakila ng aking kaluluwa ang Panginoon, 47 At
nagalak ang aking espiritu sa Dios na aking Tagapagligtas.
48 Sapagka't nilingap niya ang kababaan ng kaniyang alipin.
Sapagka't, narito, mula ngayon ay tatawagin akong mapalad
ng lahat ng maghahalihaliling lahi. 49 Sapagka't ginawan
ako ng Makapangyarihan ng mga dakilang bagay; At banal
ang kaniyang pangalan. 50 At ang kaniyang awa ay sa mga
lahi't lahi. Sa nangatatakot sa kaniya. 51 Siya'y nagpakita
ng lakas ng kaniyang bisig; Isinambulat niya ang mga
palalo sa paggunamgunam ng kanilang puso. 52 Ibinaba
niya ang mga prinsipe sa mga luklukan nila, At itinaas
ang mga may mababang kalagayan. 53 Binusog niya ang
nangagugutom ng mabubuting bagay; At pinaalis niya ang
mayayaman, na walang anoman. 54 Tumulong siya sa Israel
na kaniyang alipin, Upang maalaala niya ang awa 55 (Gaya
ng sinabi niya sa ating mga magulang) Kay Abraham at
sa kaniyang binhi magpakailan man. **(aiōn g165)** 56 At si
Maria ay natirang kasama niya na may tatlong buwan, at
umuwi sa kaniyang bahay. 57 Naganap nga kay Elisabet
ang panahon ng panganganak; at siya'y nanganak ng isang
lalake. 58 At nabalitaan ng kaniyang mga kapitbahay at mga
kamaganak, na dinakila ng Panginoon ang kaniyang awa sa
kaniya; at sila'y nangakigalak sa kaniya. 59 At nangyari,
na nang ikawalong araw ay nagsiparoon sila upang tuliin
ang sanggol; at siya'y tatawagin sana nila na Zacarias,
ayon sa pangalan ng kaniyang ama. 60 At sumagot ang
kaniyang ina at nagsabi, Hindi gayon; kundi ang itatawag sa
kaniya'y Juan. 61 At sinabi nila sa kaniya, Wala sa iyong
kamaganak na tinatawag sa pangalang ito. 62 At hinudyatan
nila ang kaniyang ama, kung ano ang ibig niyang itawag. 63
At humingi siya ng isang sulatan at sumulat, na sinasabi,
Ang kaniyang pangalan ay Juan. At nagsipanggilalas silang
lahat. 64 At pagdaka'y nabuka ang kaniyang bibig, at ang
kaniyang dila'y nakalag, at siya'y nagsalita, na pinupuri ang
Dios. 65 At sinidlan ng takot ang lahat ng nagsisipanahan
sa palibot nila; at nabansag ang lahat ng mga bagay na
ito sa lahat ng lupaing maburol ng Judea. 66 At lahat ng
mga nangakarinig nito ay pawang iningatan sa kanilang
puso, na sinasabi, Magiging ano nga kaya ang batang ito?
Sapagka't ang kamay ng Panginoon ay sumasa kaniya. 67 At
si Zacarias na kaniyang ama ay napuspos ng Espiritu Santo,
at nanghula, na nagsasabi, 68 Purihin ang Panginoon, ang
Dios ng Israel; Sapagka't kaniyang dinalaw at tinubos ang
kaniyang bayan, 69 At nagtaas sa atin ng isang sungay ng
kaligtasan Sa bahay ni David na kaniyang alipin 70 (Gaya
ng sinabi niya sa pamamagitan ng kaniyang mga banal na
propeta na nagsilitaw buhat nang unang panahon), **(aiōn g165)**
71 Kaligtasang mula sa ating mga kaaway, at sa kamay ng
lahat ng nangapopoot sa atin; 72 Upang magkaawang-gawa
sa ating mga magulang, At alalahanin ang kaniyang banal na
tipan; 73 Ang sumpa na isinumpa niya kay Abraham na ating
ama, 74 Na ipagkaloob sa atin na yamang nangaligtas sa
kamay ng ating mga kaaway, Ay paglingkuran natin siya ng
walang takot, 75 Sa kabanalan at katuwiran sa harapan niya,
lahat ng ating mga araw. 76 Oo at ikaw, sanggol, tatawagin
kang propeta ng kataastaasan; Sapagka't magpapauna ka
sa unahan ng mukha ng Panginoon, upang ihanda ang
kaniyang mga daan; 77 Upang maipakilala ang kaligtasan
sa kaniyang bayan, Sa pagkapatawad ng kanilang mga
kasalanan, 78 Dahil sa magiliw na habag ng aming Dios, Ang
pagbubukang liwayway buhat sa kaitaasan ay dadalaw sa
atin, 79 Upang liwanagan ang nangakalugmok sa kadiliman
at sa lilim ng kamatayan; Upang itumpak ang ating mga
paa sa daan ng kapayapaan. 80 At lumaki ang sanggol, at
lumakas sa espiritu, at nasa mga ilang hanggang sa araw
ng kaniyang pagpapakita sa Israel.

**2** Nangyari nga nang mga araw na yaon na lumabas ang
isang utos mula kay Augusto Cesar, na magpatala ang
buong sanglibutan. 2 Ito ang unang talaang-mamamayan
na ginawa nang si Quirinio ay gobernador sa Siria. 3 At
nagsisiparoon ang lahat upang sila'y mangatala, bawa't isa
sa kaniyang sariling bayan. 4 At si Jose naman ay umahon
mula sa Galilea, mula sa bayan ng Nazaret, hanggang sa
Judea, sa bayan ni David, na kung tawagi'y Bet-lehem,
sapagka't siya'y sa angkan at sa lahi ni David; 5 Upang
patala siya pati ni Maria, na magaasawa sa kaniya, na
kasalukuyang kagampan. 6 At nangyari, samantalang sila'y
nangaroroon, at naganap ang mga kaarawang dapat siyang
manganak. 7 At kaniyang ipinanganak ang panganay niyang
anak na lalake; at ito'y binalot niya ng mga lampin, at inihiga
sa isang pasabsaban, sapagka't wala nang lugar para sa
kanila sa tuluyan. 8 At may mga pastor ng tupa sa lupain
ding yaon na nangasa parang, na pinagpupuyatan sa gabi
ang kanilang kawan. 9 At tumayo sa tabi nila ang isang
anghel ng Panginoon, at ang kaluwalhatian ng Panginoon ay
nagliwanag sa palibot nila: at sila'y totoong nangatakot. 10
At sinabi sa kanila ng anghel, Huwag kayong mangatakot;
sapagka't narito, dinadalhan ko kayo ng mabubuting balita

ng malaking kagalakan, na siyang sasa buong bayan: 11
Sapagka't ipinanganak sa inyo ngayon sa bayan ni David ang
isang Tagapagligtas, na siya ang Cristo ang Panginoon. 12
At ito ang sa inyo'y magiging pinakatanda: Masusumpungan
ninyo ang isang sanggol na nababalot ng lampin, at nakahiga
sa isang pasabsaban. 13 At biglang nakisama sa anghel ang
isang karamihang hukbo ng langit, na nangagpupuri sa Dios,
at nangagsasabi: 14 Luwalhati sa Dios sa kataastaasan, At
sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. 15
At nangyari nang lisanin sila ng mga anghel at nangapasa
langit, ang mga pastor ay nangagsangusapan. Magsiparoon
nga tayo ngayon hanggang sa Bet-lehem, at tingnan natin
itong nangyari, na ipinagbigay alam sa atin ng Panginoon. 16
At sila'y dalidaling nagsiparoon at nasumpungan kapuwa si
Maria at si Jose, at ang sanggol na nakahiga sa pasabsaban.
17 At nang makita nila yaon, ay inihayag nila ang mga
sinabi sa kanila tungkol sa sanggol na ito. 18 At lahat ng
nangakarinig nito ay nangagtaka sa mga bagay na sinabi
sa kanila ng mga pastor. 19 Datapuwa't iningatan ni Maria
ang lahat ng mga pananalitang ito, na pinagbulaybulay
sa kaniyang puso. 20 At nangagbalik ang mga pastor, na
niluluwalhati at pinupuri ang Dios dahil sa lahat ng mga bagay
na kanilang nangarinig at nangakita, ayon sa sinabi sa kanila.
21 At nang makaraan ang walong araw upang tuliin siya,
ay tinawag na JESUS ang kaniyang pangalan, na siyang
itinawag ng anghel bago siya ipinaglihi sa tiyan. 22 At nang
maganap na ang mga araw na kanilang paglilinis alinsunod
sa kautusan ni Moises, ay kanilang dinala siya sa Jerusalem,
upang iharap siya sa Panginoon 23 (Ayon sa nasusulat sa
kautusan ng Panginoon, Ang bawa't lalaking nagbubukas ng
bahay-bata ay tatawaging banal sa Panginoon), 24 At upang
maghandog ng hain alinsunod sa sinasabi sa kautusan
ng Panginoon, Dalawang batobato, o dalawang inakay ng
kalapati. 25 At narito, may isang lalake sa Jerusalem, na
nagngangalang Simeon; at ang lalaking ito'y matuwid at
masipag sa kabanalan, na nag-aantay ng kaaliwan ng Israel:
at sumasa kaniya ang Espiritu Santo. 26 At ipinahayag sa
kaniya ng Espiritu Santo, na di niya makikita ang kamatayan,
hanggang sa makita muna niya ang Cristo ng Panginoon.
27 At siya'y napasa templo sa Espiritu: at nang ipasok sa
templo ang sanggol na si Jesus ng kaniyang mga magulang,
upang sa kaniya'y magawa nila ang nauukol alinsunod sa
kaugalian ng kautusan, 28 Ay tinanggap nga niya siya sa
kaniyang mga bisig, at pinuri ang Dios, at nagsabi, 29
Ngayo'y papanawin mo, Panginoon, ang iyong alipin, Ayon
sa iyong salita, sa kapayapaan, 30 Sapagka't nakita ng aking
mga mata ang iyong pagliligtas, 31 Na iyong inihanda sa
unahan ng mukha ng lahat ng mga tao; 32 Isang ilaw upang
ipahayag sa mga Gentil, At ang kaluwalhatian ng iyong
bayang Israel. 33 At ang kaniyang ama at ang kaniyang ina
ay nagsisipanggilalas sa mga bagay na sinasabi tungkol
sa kaniya; 34 At sila'y pinagpala ni Simeon, at sinabi sa
kaniyang inang si Maria, Narito, ito ay itinalaga sa ikararapa
at sa ikatitindig ng marami sa Israel; at pinakatandang
tudlaan ng pagsalangsang: 35 Oo at paglalampasanan ng
isang tabak ang iyong sariling kaluluwa; upang mangahayag
ang mga pagiisip ng maraming puso. 36 At naroroon din
naman si Ana, na isang propetisa, anak na babae ni Fanuel,
sa angkan ni Aser, (siya'y lubhang matanda na, at may
pitong taong nakisama sa kaniyang asawa mula sa kaniyang
kadalagahan, 37 At siya'y bao nang walongpu't apat na
taon), na hindi humihiwalay sa templo, at sumasamba sa
gabi at araw sa pamamagitan ng mga pagaayuno at mga
pagdaing. 38 At pagdating niya sa oras ding yaon, siya'y
nagpasalamat sa Dios, at nagsalita ng tungkol sa sanggol
sa lahat ng nagsisipaghintay ng katubusan sa Jerusalem.
39 At nang maganap na nila ang lahat ng mga bagay
na alinsunod sa kautusan ng Panginoon, ay nangagbalik
sila sa Galilea, sa kanilang sariling bayang Nazaret. 40
At lumalaki ang bata, at lumalakas, at napupuspos ng
karunungan: at sumasa kaniya ang biyaya ng Dios. 41 At
nagsisiparoon taon-taon ang kaniyang mga magulang sa
Jerusalem sa kapistahan ng paskua. 42 At nang siya'y may
labindalawang taon na, ay nagsiahon sila ayon sa kaugalian
ng kapistahan; 43 At nang kanilang maganap na ang mga
araw, sa pagbalik nila, ay naiwan ang batang si Jesus sa
Jerusalem; at di nalalaman ng kaniyang mga magulang;
44 Nguni't sa pagaakala nilang siya'y nasa kasamahan,
ay nagsiyaon sila nang isang araw na paglalakbay; at
hinahanap nila siya sa mga kamaganak at mga kakilala; 45
At nang di nila siya matagpuan, ay nagsipagbalik sila sa
Jerusalem, na hinahanap siya. 46 At nangyari, na nang
makaraan ang tatlong araw, ay nangatagpuan nila siya
sa templo, na nakaupo sa gitna ng mga guro, na sila'y
pinakikinggan, at sila'y tinatanong: 47 At ang lahat ng sa
kaniya'y nangakakarinig ay nagsisipanggilalas sa kaniyang
katalinuhan at sa kaniyang mga sagot. 48 At nang siya'y
mangakita nila, ay nangagtaka sila; at sinabi sa kaniya ng
kaniyang ina, Anak, bakit ginawa mo sa amin ang ganyan?
narito, ang iyong ama at ako na hinahanap kang may hapis.
49 At sinabi niya sa kanila, Bakit ninyo ako hinahanap? di
baga talastas ninyo na dapat akong maglumagak sa bahay
ng aking Ama. 50 At di nila naunawa ang pananalitang sa
kanila'y sinabi. 51 At lumusong siyang kasama nila, at napasa
Nazaret; at napasakop sa kanila: at iniingatan ng kaniyang
ina sa kaniyang puso ang lahat ng mga pananalitang ito. 52
At lumalaki si Jesus sa karunungan at sa pangangatawan,
at sa pagbibigay lugod sa Dios at sa mga tao.

3 Nang ikalabinglimang taon nga ng paghahari ni Tiberio
Cesar, na noo'y gobernador sa Judea si Poncio Pilato, at
tetrarka sa Galilea si Herodes, at ang kaniyang kapatid na si
Felipe ay tetrarka sa lalawigan ng Iturea at Traconite, at
si Lisanias ay tetrarka sa Abilinia, **2** Nang kasalukuyang
mga pangulong saserdote si Anas at si Caifas, ay dumating
ang salita ng Dios kay Juan, anak ni Zacarias, sa
ilang. **3** At siya'y napasa buong lupain sa palibotlibot ng
Jordan, na ipinangangaral ang bautismo ng pagsisisi sa
ikapagpapatawad ng mga kasalanan; **4** Gaya ng nasusulat
sa aklat ng salita ng propeta Isaias, Ang tinig ng isang
sumisigaw sa ilang, Ihanda ninyo ang daan ng Panginoon,
Tuwirin ninyo ang kaniyang mga landas. **5** Lahat ng libis
ay tatambakan, At pababain ang bawa't bundok at burol;
At ang liko ay matutuwid, At ang mga daang bakobako
ay mangapapatag; **6** At makikita ng lahat ng laman ang
pagliligtas ng Dios. **7** Sinasabi nga niya sa mga karamihang
nagsisilabas upang mangagpabautismo sa kaniya, Kayong
lahi ng mga ulupong, sino ang sa inyo'y nagudyok upang
tumakas sa galit na darating? **8** Kayo nga'y mangagbunga
ng karapatdapat sa pagsisisi, at huwag mangagpasimulang
mangagsabi sa inyong sarili, Si Abraham ang siya naming
ama; sapagka't sinasabi ko sa inyo, na makapagpapabangon
ang Dios ng mga anak ni Abraham maging sa mga batong
ito. **9** At ngayon pa'y nakalagay na ang palakol sa ugat ng
mga punong kahoy: ang bawa't punong kahoy nga na di
nagbubunga ng mabuti ay pinuputol, at inihahagis sa apoy. **10**
At tinanong siya ng karamihan, na nangagsasabi, Ano ngang
dapat namin gawin? **11** At sinagot niya at sinabi sa kanila,
Ang may dalawang tunika ay magbahagi sa wala; at ang
may pagkain ay gayon din ang gawin. **12** At dumating naman
ang mga maniningil ng buwis upang mangagpabautismo, at
sinabi nila sa kaniya, Guro, anong dapat naming gawin?
**13** At sinabi niya sa kanila, Huwag na kayong sumingil pa
ng higit kay sa utos sa inyo. **14** At tinanong naman siya ng
mga kawal, na nangagsasabi, At kami, anong dapat naming
gawin? At sa kanila'y sinabi niya, Huwag kayong kumuhang
may karahasan sa kanino man, ni mangagparatang; at
mangagkasiya kayo sa bayad sa inyo. **15** At samantalang
ang mga tao'y nagsisipaghintay at pinagbubulaybulay ng
lahat sa kanilang puso ang tungkol kay Juan, kung siya
kaya ang Cristo; **16** Ay sumagot si Juan na sinasabi sa
kanilang lahat, Katotohanang binabautismuhan ko kayo ng
tubig; datapuwa't dumarating ang lalong makapangyarihan
kay sa akin; ako'y hindi karapatdapat magkalag ng panali
ng kaniyang mga pangyapak: kayo'y babautismuhan niya
sa Espiritu Santo at sa apoy: **17** Nasa kaniyang kamay
ang kaniyang kalaykay, upang linising lubos ang kaniyang
giikan, at tipunin ang trigo sa kaniyang bangan; datapuwa't
susunugin niya ang dayami sa apoy na hindi mapapatay.
**18** Sa mga iba pang maraming pangaral ay ipinangangaral
nga niya sa bayan ang mabuting balita; **19** Datapuwa't si
Herodes na tetrarka, palibhasa'y pinagwikaan niya dahil
kay Herodias, na asawa ng kaniyang kapatid, at dahil sa
lahat ng masasamang bagay na ginawa ni Herodes, **20** Ay
naparagdag naman ito sa lahat, na kinulong niya si Juan sa
bilangguan. **21** Nangyari nga, nang mabautismuhan ang
buong bayan, na si Jesus ay binautismuhan naman, at
nang nananalangin, ay nabuksan ang langit, **22** At bumaba
sa kaniya ang Espiritu Santo na may anyong katawan,
tulad sa isang kalapati, at nanggaling ang isang tinig sa
langit, Ikaw ang sinisinta kong Anak; sa iyo ako lubos na
nalulugod. **23** At si Jesus din, nang magpasimula siyang
magturo ay may gulang na tatlongpung taon, na anak (ayon
sa sinasapantaha) ni Jose, ni Eli, **24** Ni Matat, ni Levi, ni
Melqui, ni Jane, ni Jose, **25** Ni Matatias, ni Amos, ni Nahum,
ni Esli, ni Nage, **26** Ni Maat, ni Matatias, ni Semei, ni Jose,
ni Juda, **27** Ni Joana, ni Resa, ni Zorobabel, ni Seatiel, ni
Neri, **28** Ni Melqui, ni Adi, ni Cosam, ni Elmodam, ni Er, **29** Ni
Jesus, ni Eliezer, ni Jorim, ni Mata, ni Levi, **30** Ni Simeon, ni
Juda, ni Jose, ni Jonan, ni Eliaquim, **31** Ni Melea, ni Mena, ni
Matata, ni Natan, ni David, **32** Ni Jesse, ni Obed, ni Booz, ni
Salmon, ni Naason, **33** Ni Aminadab, ni Aram, ni Esrom, ni
Fares, ni Juda, **34** Ni Jacob, ni Isaac, ni Abraham, ni Tare, ni
Nacor, **35** Ni Serug, ni Regan, ni Paleg, ni Heber, ni Selah,
**36** Ni Cainan, ni Arfaxjad, ni Sem, ni Noe, ni Lamec, **37** Ni
Matusalem, ni Enoc, ni Jared, ni Mahalaleel, ni Cainan, **38**
Ni Enos, ni Set, ni Adam, ng Dios.

4 At si Jesus, na puspos ng Espiritu Santo ay bumalik
mula sa Jordan at inihatid ng Espiritu sa ilang, **2** Sa
loob ng apat na pung araw na tinutukso ng diablo. At
hindi siya kumain ng anoman nang mga araw na yaon;
at nang maganap ang mga yaon ay nagutom siya. **3** At
sinabi sa kaniya ng diablo, Kung ikaw ang Anak ng Dios,
ipag-utos mo na ang batong ito ay maging tinapay. **4** At
sinagot siya ni Jesus, Nasusulat, Hindi sa tinapay lamang
mabubuhay ang tao. **5** At iniakyat pa siya niya, at ipinakita sa
kaniya sa sandaling panahon ang lahat ng mga kaharian sa
sanglibutan. **6** At sinabi sa kaniya ng diablo, Sa iyo'y ibibigay
ko ang lahat ng kapamahalaang ito, at ang kaluwalhatian
nila: sapagka't ito'y naibigay na sa akin; at ibibigay ko kung
kanino ko ibig. **7** Kaya nga kung sasamba ka sa harapan ko,
ay magiging iyong lahat. **8** At si Jesus ay sumagot at sinabi
sa kaniya, Nasusulat, Sa Panginoon mong Dios sasamba ka,
at siya lamang ang iyong paglilingkuran. **9** At dinala niya siya
sa Jerusalem, at inilagay siya sa taluktok ng templo, at sinabi
sa kaniya, Kung ikaw ay Anak ng Dios, ay magpatihulog ka
mula rito hanggang sa ibaba: **10** Sapagka't nasusulat, Siya'y

magbibilin sa kaniyang mga anghel tungkol sa iyo, upang
ikaw ay ingatan: **11** At, Aalalayan ka nila ng kanilang mga
kamay, Baka matisod ka ng iyong paa sa isang bato. **12** At
pagsagot ni Jesus ay sinabi sa kaniya, Nasasabi, Huwag
mong tutuksuhin ang Panginoon mong Dios. **13** At nang
matapos ng diablo ang lahat ng pagtukso, ay hiniwalayan
siya niya ng ilang panahon. **14** At bumalik si Jesus sa Galilea
sa kapangyarihan ng Espiritu: at kumalat ang kabantugan
tungkol sa kaniya sa palibot ng buong lupain. **15** At nagtuturo
siya sa mga sinagoga nila, na niluluwalhati ng lahat. **16** At
siya'y napasa Nazaret na kaniyang nilakhan: at ayon sa
kaniyang kaugalian, siya'y pumasok sa sinagoga nang araw
ng sabbath, at nagtindig upang bumasa. **17** At ibinigay sa
kaniya ang aklat ng propeta Isaias. At binuklat niya ang
aklat, na nasumpungan niya ang dakong kinasusulatan, **18**
Sumasa akin ang Espiritu ng Panginoon, Sapagka't ako'y
pinahiran niya upang ipangaral ang mabubuting balita sa
mga dukha: Ako'y sinugo niya upang itanyag sa mga bihag
ang pagkaligtas, At sa mga bulag ang pagkakita, Upang
bigyan ng kalayaan ang nangaaapi, **19** Upang itanyag ang
kaayaayang taon ng Panginoon. **20** At binalumbon niya ang
aklat, at isinauli sa naglilingkod, at naupo: at ang mga mata
ng lahat ng nangasa sinagoga ay nangakatitig sa kaniya.
**21** At siya'y nagpasimulang magsabi sa kanila, Ngayo'y
naganap ang kasulatang ito sa inyong mga pakinig. **22** At
siya'y pinatotohanan ng lahat, at nangagtataka sa mga salita
ng biyaya na lumalabas sa kaniyang bibig: at sinabi nila,
Hindi baga ito ang anak ni Jose? **23** At sinabi niya sa kanila,
Walang salang sasabihin ninyo sa akin itong talinghaga,
Manggagamot, gamutin mo ang iyong sarili: ang anomang
aming narinig na ginawa sa Capernaum, ay gawin mo naman
dito sa iyong lupain. **24** At sinabi niya, Katotohanang sinasabi
ko sa inyo, Walang propetang kinalulugdan sa kaniyang
tinubuang lupa. **25** Datapuwa't katotohanang sinasabi ko sa
inyo, Maraming mga baong babai sa Israel nang mga araw ni
Elias, nang sarhan ang langit sa loob ng tatlong taon at anim
na buwan, noong datnan ng malaking kagutom ang buong
sangkalupaan; **26** At sa kanino man sa kanila ay hindi sinugo
si Elias, kundi sa Sarepta sa lupa ng Sidon, sa isang babaing
bao. **27** At maraming ketongin sa Israel nang panahon ni
Eliseo na propeta; at sinoman sa kanila'y hindi nilinis, kundi
lamang si Naaman na Siro. **28** At nangapuspos ng galit ang
lahat ng nangasa sinagoga, sa pagkarinig nila ng mga bagay
na ito; **29** At sila'y nagsitindig, at ipinagtabuyan siya sa labas
ng bayan at dinala siya hanggang sa ibabaw ng taluktok
ng gulod na kinatatayuan ng kanilang bayan, upang siya'y
maibulid nila ng patiwarik. **30** Datapuwa't pagdaraan niya
sa gitna nila, ay yumaon ng kaniyang lakad. **31** At siya'y
bumaba sa Capernaum, na isang bayan ng Galilea. At sila'y
tinuruan niya sa araw ng sabbath: **32** At nangagtaka sila sa
kaniyang aral, sapagka't may kapamahalaan ang kaniyang
salita. **33** At sa sinagoga ay may isang lalake na may espiritu
ng karumaldumal na demonio; at siya'y sumigaw ng malakas
na tinig, **34** Ah! anong mayroon kami sa iyo, Jesus, ikaw na
Nazareno? naparito ka baga upang kami'y iyong puksain?
nakikilala ko ikaw kung sino ka, ang Banal ng Dios. **35**
At sinaway siya ni Jesus, na sinasabi, Tumahimik ka, at
lumabas ka sa kaniya. At nang siya'y mailugmok ng demonio
sa gitna, ay lumabas siya sa kaniya, na hindi siya sinaktan.
**36** At silang lahat ay nangagtaka at nagsalitaan ang isa't
isa, na nangagsasabi, Anong salita kaya ito? sapagka't siya
na may kapamahalaan at kapangyarihan ay naguutos sa
mga karumaldumal na espiritu, at nagsisilabas sila. **37** At
kumakalat ang alingawngaw tungkol sa kaniya sa lahat ng
dako sa palibotlibot ng lupaing yaon. **38** At siya'y nagtindig
sa sinagoga, at pumasok sa bahay ni Simon. At nilalagnat
na mainam ang biyanang babae ni Simon, at siya'y kanilang
ipinamanhik sa kaniya. **39** At tinunghan niya siya, at sinaway
ang lagnat; at inibsan siya: at siya'y nagtindig pagdaka at
naglingkod sa kanila. **40** At nang lumulubog na ang araw,
ang lahat na may mga sakit ng sarisaring karamdaman
ay dinala sa kaniya; at ipinatong niya ang kaniyang mga
kamay sa bawa't isa sa kanila, at sila'y pinagaling. **41** At
nagsilabas din sa marami ang mga demonio na nagsisisigaw,
na nagsasabi, Ikaw ang anak ng Dios. At sinasaway sila, na
di niya sila tinutulutang mangagsalita, sapagka't naalaman
nilang siya ang Cristo. **42** At nang araw na, ay lumabas siya
at naparoon sa isang ilang na dako: at hinahanap siya ng
mga karamihan, at nagsiparoon sa kaniya, at pinagpipilitang
pigilin siya, upang huwag siyang humiwalay sa kanila. **43**
Datapuwa't sinabi niya sa kanila, Dapat namang ipangaral
ko sa mga ibang bayan ang mabubuting balita ng kaharian
ng Dios: sapagka't sa ganito ay sinugo ako. **44** At siya'y
nangangaral sa mga sinagoga ng Galilea.

**5** Nangyari nga, na samantalang siya'y sinisiksik ng
karamihan na pinakikinggan ang salita ng Dios, na
siya'y nakatayo sa tabi ng dagatdagatan ng Genezaret;
**2** At nakakita siya ng dalawang daong na nasa tabi ng
dagatdagatan: datapuwa't nagsilunsad sa mga yaon ang
mga mamamalakaya, at hinuhugasan ang kanilang mga
lambat. **3** At lumulan siya sa isa sa mga daong, na kay
Simon, at ipinamanhik niya dito na ilayo ng kaunti sa lupa.
At siya'y naupo at nagturo sa mga karamihan buhat sa
daong. **4** At pagtigil niya ng pagsasalita, ay sinabi niya kay
Simon, Pumaroon ka sa laot, at ihulog ninyo ang inyong mga
lambat upang mamalakaya. **5** At sumagot si Simon at sinabi,
Guro, sa buong magdamag ay nagsipagpagal kami, at wala
kaming nahuli: datapuwa't sa iyong salita ay ihuhulog ko ang

mga lambat. 6 At nang magawa nila ito, ay nakahuli sila ng
lubhang maraming isda; at nagkampupunit ang kanilang
mga lambat; 7 At kinawayan nila ang mga kasamahan sa
isang daong upang magsilapit at sila'y tulungan. At sila'y
nagsilapit at nangapuno ang dalawang daong, ano pa't sila'y
nagpasimulang lulubog. 8 Datapuwa't nang makita ni Simon
Pedro, ay nagpatirapa sa mga tuhod ni Jesus, na nagsasabi,
Lumayo ka sa akin; sapagka't ako'y taong makasalanan,
Oh Panginoon. 9 Sapagka't siya at ang lahat ng kasama
niya ay nagsipanggilalas, dahil sa karamihan ng mga isdang
kanilang nangahuli: 10 At gayon din si Santiago at si Juan,
mga anak ni Zebedeo, na mga kasama ni Simon. At sinabi
ni Jesus kay Simon, Huwag kang matakot; mula ngayon ay
mamamalakaya ka ng mga tao. 11 At nang maisadsad na
nila sa lupa ang kanilang mga daong, ay iniwan nila ang
lahat, at nagsisunod sa kaniya. 12 At nangyari, samantalang
siya'y nasa isa sa mga bayan, narito, may isang lalake na
lipos ng ketong: at nang makita niya si Jesus, ay nagpatirapa
siya, at namanhik sa kaniya, na sinasabi, Panginoon, kung
ibig mo, ay maaaring linisin mo ako. 13 At iniunat niya ang
kaniyang kamay at siya'y hinipo, na sinasabi, Ibig ko; luminis
ka. At pagdaka'y nilisan siya ng ketong. 14 At ipinagbilin niya
sa kaniya na huwag sabihin kanino man: kundi yumaon ka
ng iyong lakad, at pakita ka sa saserdote, at maghandog
ka sa pagkalinis sa iyo, alinsunod sa iniutos ni Moises, na
pinakapatotoo sa kanila. 15 Datapuwa't lalo nang kumakalat
ang balita tungkol sa kaniya: at nangagkatipon ang lubhang
maraming tao upang makinig, at upang pagalingin sa
kanilang mga sakit. 16 Datapuwa't siya'y lumigpit sa mga
ilang, at nananalangin. 17 At nangyari nang isa sa mga araw
na yaon, na siya'y nagtuturo; at may nangakaupo doong
mga Fariseo at mga guro sa kautusan, na nagsipanggaling
sa bawa't nayon ng Galilea at Judea at Jerusalem: at ang
kapangyarihan ng Panginoon ay sumasa kaniya upang
magpagaling. 18 At narito, dinala ng mga tao na nasa isang
higaan ang isang lalaking lumpo: at pinagpipilitan niyang
maipasok siya, at ilagay siya sa harap nila. 19 At sa hindi
pagkasumpong ng mapagpapasukan, dahil sa karamihan,
ay nagsiakyat sila sa bubungan ng bahay, at siya'y inihugos
mula sa butas ng bubungan pati ng kaniyang higaan, sa
gitna, sa harapan ni Jesus. 20 At pagkakita sa kanilang
pananampalataya, ay kaniyang sinabi, Lalake, ipinatatawad
sa iyo ang iyong mga kasalanan. 21 At ang mga eskriba at
mga Fariseo ay nangagpasimulang mangagkatuwiranan, na
nangagsasabi, Sino ito na nagsasalita ng mga kapusungan?
Sino ang makapagpapatawad ng mga kasalanan, kundi
ang Dios lamang? 22 Datapuwa't si Jesus, na nakatatanto
ng kanilang mga iniisip, ay sumagot at sinabi sa kanila,
Bakit pinagbubulaybulay ninyo sa inyong mga puso? 23 Alin
baga ang lalong magaang sabihin, Ipinatatawad sa iyo ang
iyong mga kasalanan; o sabihin, Magtindig ka at lumakad
ka? 24 Datapuwa't upang maalaman ninyo na ang Anak
ng tao ay may kapamahalaan sa lupa na magpatawad ng
mga kasalanan (sinabi niya sa lumpo), Sa iyo ko sinasabi,
Magtindig ka, at buhatin mo ang iyong higaan, at umuwi
ka sa bahay mo. 25 At pagdaka'y nagtindig siya sa harap
nila, at binuhat ang kaniyang hinigan, at napasa kaniyang
bahay, na niluluwalhati ang Dios. 26 At nagsipanggilalas
ang lahat at niluwalhati nila ang Dios; at nangapuspos sila
ng takot, na nangagsasabi, Nakakita kami ngayon ng mga
bagay na katakataka. 27 At pagkatapos ng mga bagay na
ito, siya'y umalis, at nakita ang isang maniningil ng buwis, na
nagngangalang Levi, na nakaupo sa paningilan ng buwis, at
sinabi sa kaniya, Sumunod ka sa akin. 28 At iniwan niya
ang lahat at nagtindig at sumunod sa kaniya. 29 At siya'y
ipinagpiging ng malaki ni Levi sa kaniyang bahay: at lubhang
maraming maniningil ng buwis at mga iba pa na nangakasalo
nila sa dulang. 30 At nangagbulongbulungan ang mga
Fariseo at ang kanilang mga eskriba laban sa kaniyang
mga alagad, na nangagsasabi, Bakit kayo'y nagsisikain at
nagsisiinom na kasalo ng mga maniningil ng buwis at ng
mga makasalanan? 31 At pagsagot ni Jesus ay sinabi sa
kanila, Ang mga walang sakit ay hindi nangangailangan
ng manggagamot; kundi ang mga may sakit. 32 Hindi ako
pumarito upang tawagin ang mga matuwid, kundi ang mga
makasalanan sa pagsisisi. 33 At sinabi nila sa kaniya,
Ang mga alagad ni Juan ay nangagaayunong madalas, at
nagsisigawa ng mga pagdaing; gayon din ang mga alagad
ng mga Fariseo; datapuwa't ang mga iyo'y nagsisikain at
nagsisiinom. 34 At sinabi ni Jesus sa kanila, Mangyayari
bagang papagayunuhin ninyo ang mga abay sa kasalan
samantalang ang kasintahang lalake ay kasama nila? 35
Datapuwa't darating ang mga araw; at pagka inalis sa kanila
ang kasintahang lalake, kung magkagayo'y mangagaayuno
sila sa mga araw na yaon. 36 At sinalita rin naman niya
sa kanila ang isang talinghaga: Walang taong pumilas sa
bagong damit at itinagpi sa damit na luma; sa ibang paraa'y
sisirain ang bago, at sa luma naman ay hindi bagay ang
tagping mula sa bago. 37 At walang taong nagsisilid ng alak
na bago sa mga balat na luma; sa ibang paraa'y papuputukin
ng alak na bago ang mga balat, at mabububo, masisira ang
mga balat. 38 Kundi dapat isilid ang alak na bago sa mga
bagong balat. 39 At walang taong nakainom ng alak na laon,
ay iibig sa alak na bago; sapagka't sasabihin niya, Mabuti
ang laon.

**6** Nangyari nga nang dumaraan siya sa mga trigohan nang
isang sabbath, ay kumitil ng mga uhay ang mga alagad
niya, at kinakain pagkaligis sa kanilang mga kamay. 2

Datapuwa't sinabi ng ilan sa mga Fariseo, Bakit ginagawa
ninyo ang di matuwid gawin sa araw ng sabbath? **3** At
pagsagot sa kanila ni Jesus ay sinabi, Hindi baga nabasa
ninyo ang ginawa ni David, nang siya'y magutom, siya, at
ang mga kasamahan niya; **4** Kung paanong siya'y pumasok
sa bahay ng Dios, at kumain ng mga tinapay na handog,
at binigyan pati ang kaniyang mga kasamahan; na hindi
naaayon sa kautusan na kanin ninoman kundi ng mga
saserdote lamang? **5** At sinabi niya sa kanila, Ang Anak ng
tao ay panginoon ng sabbath. **6** At nangyari nang ibang
sabbath, na siya'y pumasok sa sinagoga at nagturo: at doo'y
may isang lalake, at tuyo ang kaniyang kanang kamay. **7** At
inaabangan siya ng mga eskriba at ng mga Fariseo, kung
siya'y magpapagaling sa sabbath; upang makasumpong sila
ng paraan na siya'y maisakdal. **8** Datapuwa't nalalaman
niya ang kanilang mga kaisipan; at sinabi niya sa lalake
na tuyo ang kamay, Magtindig ka at tumayo ka sa gitna.
At siya'y nagtindig at tumayo. **9** At sinabi sa kanila ni
Jesus, Itinatanong ko sa inyo, Matuwid bagang gumawa ng
magaling, o gumawa ng masama kung sabbath? magligtas
ng isang buhay o pumuksa? **10** At minamasdan niya silang
lahat sa palibotlibot, at sinabi sa kaniya, Iunat mo ang
iyong kamay. At ginawa niyang gayon; at gumaling ang
kaniyang kamay. **11** Datapuwa't sila'y nangapuno ng galit; at
nangagsangusapan, kung ano ang kanilang magagawang
laban kay Jesus. **12** At nangyari nang mga araw na ito,
na siya'y napasa bundok upang manalangin; at sa buong
magdamag ay nanatili siya sa pananalangin sa Dios. **13** At
nang araw na, ay tinawag niya ang kaniyang mga alagad; at
siya'y humirang ng labingdalawa sa kanila, na tinawag naman
niyang mga apostol: **14** Si Simon, na tinawag naman niyang
Pedro, at si Andres na kaniyang kapatid, at si Santiago at si
Juan, at si Felipe at si Bartolome. **15** At si Mateo at si Tomas,
at si Santiago anak ni Alfeo, at si Simon, na tinatawag na
Masikap, **16** At si Judas na anak ni Santiago, at si Judas
Iscariote na naging lilo; **17** At bumaba siya na kasama
nila, at tumigil sa isang patag na dako, at ang lubhang
marami sa mga alagad niya, at ang lubhang malaking bilang
ng mga tao mula sa buong Judea at sa Jerusalem, at sa
pangpangin ng dagat ng Tiro at Sidon, na nangagsidalo
upang magsipakinig sa kaniya, at upang pagalingin sa
kanilang mga sakit; **18** Ang mga pinahihirapan ng mga
espiritung karumaldumal ay pinagagaling. **19** At pinagpipilitan
ng buong karamihan na siya'y mahipo; sapagka't lumalabas
sa kaniya ang makapangyarihang bisa, at nagpapagaling
sa lahat. **20** At itiningin niya ang kaniyang mga mata sa
kaniyang mga alagad, at sinabi, Mapapalad kayong mga
dukha: sapagka't inyo ang kaharian ng Dios. **21** Mapapalad
kayong nangagugutom ngayon: sapagka't kayo'y bubusugin.
Mapapalad kayong nagsisitangis ngayon: sapagka't kayo'y
magsisitawa. **22** Mapapalad kayo kung kayo'y kapootan ng
mga tao, at kung kayo'y ihiwalay nila, at kayo'y alimurahin,
at itakuwil ang inyong pangalan na tila masasama, dahil
sa Anak ng tao. **23** Mangagalak kayo sa araw na yaon, at
magsilukso kayo sa kagalakan; sapagka't narito, ang ganti
sa inyo'y malaki sa langit; sapagka't sa gayon ding paraan
ang ginawa ng kanilang mga magulang sa mga propeta. **24**
Datapuwa't sa aba ninyong mayayaman! sapagka't tinanggap
na ninyo ang inyong kaaliwan. **25** Sa aba ninyo mga busog
ngayon! sapagka't kayo'y mangagugutom. Sa aba ninyong
nagsisitawa ngayon! sapagka't kayo'y magsisitaghoy at
magsisitangis. **26** Sa aba ninyo, pagka ang lahat ng mga tao
ay mangagsalita ng magaling tungkol sa inyo! sapagka't sa
gayon ding paraan ang ginawa ng kanilang mga magulang
sa mga bulaang propeta. **27** Datapuwa't sinasabi ko sa
inyong nangakikinig, Ibigin ninyo ang inyong mga kaaway,
gawan ninyo ng mabuti ang nangapopoot sa inyo, **28**
Pagpalain ninyo ang sa inyo'y sumusumpa at ipanalangin
ninyo ang sa inyo'y lumalait. **29** Sa sumampal sa iyo sa
isang pisngi, iharap mo naman ang kabila; at ang sa iyo'y
magalis ng iyong balabal, huwag mong itanggi pati ng
iyong tunika. **30** Bigyan mo ang bawa't sa iyo'y humihingi;
at sa kumuha ng pag-aari mo, ay huwag mong hinging
muli. **31** At kung ano ang ibig ninyong sa inyo'y gawin
ng mga tao, gayon din ang gawin ninyo sa kanila. **32** At
kung kayo'y magsiibig sa mga nagsisiibig sa inyo, anong
pasasalamat ang inyong kakamtin? sapagka't ang mga
makasalanan man ay nagsisiibig sa nagsisiibig sa kanila.
**33** At kung magsigawa kayo ng mabuti sa nagsisigawa sa
inyo ng mabuti, anong pasasalamat ang inyong kakamtin?
sapagka't ganito rin ang ginagawa ng mga makasalanan. **34**
At kung kayo'y mangagpahiram doon sa mga inaasahan
ninyong may tatanggapin, anong pasasalamat ang inyong
kakamtin? ang mga makasalanan man ay nangagpapahiram
sa mga makasalanan, upang muling magsitanggap ng gayon
din. **35** Datapuwa't ibigin ninyo ang inyong mga kaaway at
gawan ninyo sila ng mabuti, at mangagpahiram kayo, na
kailan man ay huwag mawawalan ng pagasa; at malaki
ang sa inyo'y magiging ganti, at kayo'y magiging mga
anak ng Kataastaasan: sapagka't siya'y magandang-loob
sa mga walang turing at sa masasama. **36** Magmaawain
kayo, gaya naman ng inyong Ama na maawain. **37** At
huwag kayong mangagsihatol, at hindi kayo hahatulan: at
huwag kayong mangagparusa, at hindi kayo parurusahan:
mangagpalaya kayo, at kayo'y palalayain: **38** Mangagbigay
kayo, at kayo'y bibigyan; takal na mabuti, pikpik, liglig, at
umaapaw, ay ibibigay nila sa inyong kandungan. Sapagka't
sa panukat na inyong isukat ay doon kayo muling susukatin.

39 At sinabi naman niya sa kanila ang isang talinghaga:
Mangyayari bagang umakay ang bulag sa bulag? di baga sila
mangabubulid kapuwa sa hukay? 40 Hindi higit ang alagad
sa kaniyang guro: datapuwa't ang bawa't isa, pagka naging
sakdal, ay nagiging katulad ng kaniyang guro. 41 At bakit
mo tinitingnan ang puwing na nasa mata ng iyong kapatid,
datapuwa't hindi mo pinupuna ang tahilan na nasa iyong
sariling mata? 42 O paanong masasabi mo sa iyong kapatid,
Kapatid, pabayaan mong alisin ko ang puwing na nasa
iyong mata, kundi mo nakikita ang tahilan na nasa iyong
sariling mata? Ikaw na mapagpaimbabaw, alisin mo muna
ang tahilan na nasa iyong sariling mata, kung magkagayo'y
makikita mong malinaw ang pagaalis ng puwing na nasa
mata ng iyong kapatid. 43 Sapagka't walang mabuting
punong kahoy na nagbubunga ng masama; at wala rin
naman masamang punong kahoy na nagbubunga ng mabuti.
44 Sapagka't bawa't punong kahoy ay nakikilala sa kaniyang
sariling bunga. Sapagka't ang mga tao ay di nangakapuputi
ng mga igos sa mga dawag, at di nangakapuputi ng
ubas sa mga tinikan. 45 Ang mabuting tao ay kumukuha
ng kagalingan sa mabubuting kayamanan ng kaniyang
puso; at ang masamang tao'y kumukuha ng kasamaan sa
masamang kayamanan: sapagka't sa kasaganaan ng puso
ay nagsasalita ang kaniyang bibig. 46 At bakit tinatawag
ninyo ako, Panginoon, Panginoon, at di ninyo ginagawa ang
mga bagay na aking sinasabi? 47 Ang bawa't lumalapit sa
akin, at pinakikinggan ang aking mga salita, at ginagawa,
ituturo ko sa inyo kung sino ang katulad: 48 Siya'y tulad sa
isang taong nagtatayo ng bahay, na humukay at pinakalalim,
at inilagay ang patibayan sa bato: at nang dumating ang
isang baha, ay hinampas ng agos ang bahay na yaon, at
hindi nakilos; sapagka't natitirik na mabuti. 49 Datapuwa't
ang dumirinig, at hindi ginagawa, ay tulad sa isang tao na
nagtayo ng bahay sa lupa, na walang patibayan; laban sa
yaon ay hinampas ng agos, at pagdaka'y nagiba; at malaki
ang naging kasiraan ng bahay na yaon.

7 Nang matapos na niya ang lahat ng kaniyang mga
pananalita sa mga pakinig ng bayan, ay pumasok siya
sa Capernaum. 2 At ang alipin ng isang senturion, na
minamahal nito, ay may sakit at malapit nang mamatay. 3 At
nang marinig niya ang tungkol kay Jesus, ay pinaparoon
niya sa kaniya ang matatanda sa mga Judio, na ipamanhik
sa kaniya, na pumaroon at iligtas ang kaniyang alipin. 4
At nang magsidating sila kay Jesus, ay ipinamanhik nilang
mapilit sa kaniya, na sinasabi, Karapatdapat siya na gawin
mo sa kaniya ito; 5 Sapagka't iniibig niya ang ating bansa, at
ipinagtayo niya tayo ng ating sinagoga. 6 At si Jesus ay
sumama sa kanila. At nang siya'y di na lubhang malayo
sa bahay, ay nagsugo sa kaniya ang senturion ng mga
kaibigan, na nagsisipagsabi sa kaniya, Panginoon, huwag
ka nang maligalig, sapagka't di ako karapatdapat na ikaw ay
pumasok sa silong ng aking bubungan: 7 Dahil dito'y hindi
ko inakalang ako'y karapatdapat man lamang pumariyan
sa iyo: datapuwa't sabihin mo ang salita, at gagaling ang
aking alipin. 8 Sapagka't ako rin naman ay taong nasa ilalim
ng kapamahalaan, may nasasakupan akong mga kawal:
at sinasabi ko rito, Yumaon ka, at siya'y yumayaon; at sa
isa, Halika, at siya'y lumalapit; at sa aking alipin, Gawin mo
ito, at kaniyang ginagawa. 9 At nang marinig ni Jesus ang
mga bagay na ito, ay nagtaka siya sa kaniya, at lumingon
at sinabi sa karamihang nagsisisunod sa kaniya, Sinasabi
ko sa inyo, Hindi ako nakasumpong ng ganitong kalaking
pananampalataya, hindi, kahit sa Israel man. 10 At pagbalik
sa bahay ng mga sinugo, ay kanilang naratnang magaling na
ang alipin. 11 At nangyari pagkatapos ng kaunting panahon,
na siya'y naparoon sa bayan na tinatawag na Nain; at
kasama niya ang kaniyang mga alagad, at ang lubhang
maraming tao. 12 At nang siya nga'y malapit na sa pintuan
ng bayan, narito, inilalabas ang isang patay, bugtong na
anak na lalake ng kaniyang ina, at siya'y bao: at kasama
niya ang maraming tao na taga bayan. 13 At pagkakita sa
kaniya ng Panginoon, siya'y kinahahabagan niya, at sinabi sa
kaniya, Huwag kang tumangis. 14 At siya'y lumapit at hinipo
ang kabaong: at ang nangagdadala ay tumigil. At sinabi niya,
Binata, sinasabi ko sa iyo, Magbangon ka. 15 At naupo ang
patay, at nagpasimulang magsalita. At siya'y ibinigay niya sa
kaniyang ina. 16 At sinidlan ng takot ang lahat: at niluluwalhati
nila ang Dios, na sinasabi, Lumitaw sa gitna natin ang isang
dakilang propeta: at, dinalaw ng Dios ang kaniyang bayan.
17 At kumalat ang balitang ito tungkol sa kaniya sa buong
Judea, at sa buong palibotlibot ng lupain. 18 At ibinalita kay
Juan ng kaniyang mga alagad ang lahat ng mga bagay
na ito. 19 At sa pagpapalapit ni Juan sa kaniya ng dalawa
sa kaniyang mga alagad, ay sinugo sila sa Panginoon,
na nagpapasabi, Ikaw baga yaong paririto, o hihintayin
namin ang iba? 20 At pagdating sa kaniya ng mga tao, ay
kanilang sinabi, Pinaparito kami sa iyo ni Juan Bautista, na
ipinasasabi, Ikaw baga yaong paririto, o hihintayin namin ang
iba? 21 Nang oras na yaon ay nagpagaling siya ng maraming
may sakit at mga pagkasalot at masasamang espiritu;
at kaniyang pinagkaloobang mangakakita ang maraming
bulag. 22 At sumagot siya at sa kanila'y sinabi, Magsiparoon
kayo, at sabihin ninyo kay Juan ang mga bagay na inyong
nangakita at nangarinig; ang mga bulag ay nangakakakita,
ang mga pilay ay nagsisilakad, ang mga ketongin ay
nangalilinis, at ang mga bingi ay nangakaririnig, ang mga
patay ay ibinabangon, sa mga dukha ay ipinangangaral
ang mabubuting balita. 23 At mapalad ang sinomang hindi

makasumpong ng anomang katitisuran sa akin. 24 At nang
mangakaalis na ang mga sugo ni Juan, ay nagpasimula
siyang magsalita tungkol kay Juan sa mga karamihan, Ano
ang linabas ninyo upang mamasdan sa ilang? isang tambong
inuuga ng hangin? 25 Datapuwa't ano ang linabas ninyo
upang makita? isang taong nararamtan ng mga damit na
maseselang? Narito, ang nagsisipanamit ng maririlag, at
nangabubuhay sa pagmamaselang ay nasa mga palasio
ng mga hari. 26 Datapuwa't ano ang linabas ninyo upang
makita? isa bagang propeta? Oo, sinasabi ko sa inyo, at
higit pa sa isang propeta. 27 Ito yaong tungkol sa kaniya'y
nasusulat, Narito, sinusugo ko ang aking sugo sa unahan ng
iyong mukha, Na maghahanda ng iyong daan sa unahan mo.
28 Sinasabi ko sa inyo, Sa mga ipinanganak ng mga babae
ay walang dakila kay sa kay Juan: gayon ma'y ang lalong
maliit sa kaharian ng Dios ay lalong dakila kay sa kaniya.
29 At pagkarinig ng buong bayan, at ng mga maniningil ng
buwis ay pinatotohanan ang Dios, na nagsipagbautismo
ng bautismo ni Juan. 30 Datapuwa't pinawalang halaga ng
mga Fariseo at ng mga tagapagtanggol ng kautusan sa
kanilang sarili ang payo ng Dios, at hindi napabautismo sa
kaniya. 31 Sa ano ko itutulad ang mga tao ng lahing ito,
at ano ang kanilang katulad? 32 Tulad sila sa mga batang
nangakaupo sa pamilihan, at nagsisigawan sa isa't isa; na
sinasabi, Tinutugtugan namin kayo ng plauta, at hindi kayo
nagsisayaw; nanambitan kami at hindi kayo nagsitangis.
33 Sapagka't naparito si Juan Bautista na hindi kumakain
ng tinapay at hindi umiinom ng alak at inyong sinasabi,
Siya'y may isang demonio. 34 Naparito ang Anak ng tao na
kumakain at umiinom; at inyong sinasabi, Narito ang isang
matakaw na tao, at isang magiinum ng alak, isang kaibigan
ng mga maniningil ng buwis at ng mga makasalanan! 35 At
ang karunungan ay pinatotohanan ng lahat ng kaniyang
mga anak. 36 At ipinamanhik sa kaniya ng isa sa mga
Fariseo na kumaing kasalo niya. At siya'y pumasok sa bahay
ng Fariseo at naupo sa dulang. 37 At narito, ang isang
babaing makasalanan na nasa bayan; at nang maalaman
niyang siya'y nasa dulang ng pagkain sa bahay ng Fariseo
ay nagdala siya ng isang sisidlang alabastro na puno ng
unguento, 38 At nakatayo sa likuran sa kaniyang mga
paanan na tumatangis, ay pinasimulan niyang dinilig ng mga
luha ang kaniyang mga paa, at ang mga ito'y kinukuskos
ng buhok ng kaniyang ulo, at hinahagkan ang kaniyang
mga paa, at pinapahiran ng unguento. 39 Nang makita nga
ito ng Fariseo na sa kaniya'y naganyaya, ay nagsalita sa
kaniyang sarili, na sinasabi, Ang taong ito, kung siya'y isang
propeta ay nakikilala niya kung sino at kung ano ang babaing
ito na sa kaniya'y humihipo, na siya'y makasalanan. 40 At
pagsagot ni Jesus ay sinabi sa kaniya, Simon, ako'y may
isang bagay na sasabihin sa iyo. At sinabi niya, Guro, sabihin
mo. 41 Isang may pautang ay may dalawang may utang sa
kaniya: at ang isa'y may utang na limang daang denario, at
ang isa'y limangpu. 42 Nang sila'y walang maibayad, ay
kapuwa pinatawad niya. Alin nga sa kanila ang lalong iibig sa
kaniya? 43 Sumagot si Simon at sinabi, Inaakala ko na yaong
pinatawad niya ng lalong malaki. At sinabi niya sa kaniya,
Matuwid ang pagkahatol mo. 44 At paglingon sa babae, ay
sinabi niya kay Simon, Nakikita mo baga ang babaing ito?
Pumasok ako sa iyong bahay, hindi mo ako binigyan ng
tubig na ukol sa aking mga paa: datapuwa't dinilig niya ang
aking mga ng kaniyang mga luha, at kinuskos ng kaniyang
buhok. 45 Hindi mo ako binigyan ng halik: datapuwa't siya,
buhat nang ako'y pumasok ay hindi humihinto ng paghalik
sa aking mga paa. 46 Hindi mo pinahiran ng langis ang
aking ulo: datapuwa't pinahiran niya ng unguento ang aking
mga paa. 47 Kaya nga sinasabi ko sa inyo, Ipinatatawad ang
kaniyang maraming kasalanan; sapagka't siya ay umibig ng
malaki: datapuwa't sa pinatatawad ng kaunti, ay kakaunti ang
pagibig. 48 At sinabi niya sa babae, Ipinatatawad ang iyong
mga kasalanan. 49 At ang mga kasalo niyang nangakaupo
sa dulang ng pagkain ay nagpasimulang nangagsabi sa
kanilang sarili, Sino ito, na nagpapatawad pati ng mga
kasalanan? 50 At sinabi niya sa babae, Iniligtas ka ng iyong
pananampalataya; yumaon kang payapa.

**8** At nangyari pagkatapos ng kaunting panahon, na siya'y
naglalakad sa mga bayan at mga nayon, na ipinangangaral
at dinadala ang mabubuting balita ng kaharian ng Dios,
at kasama niya ang labingdalawa, 2 At ang ilang babae
na pinagaling sa masasamang espiritu at sa mga sakit, si
Maria, na tinatawag na Magdalena, na sa kaniya'y pitong
demonio ang nagsilabas, 3 At si Juana na asawa ni Chuza,
katiwala ni Herodes, at si Susana, at iba pang marami na
ipinaglilingkod sa kanila ang kanilang tinatangkilik. 4 At nang
magkatipon ang malaking karamihang tao, at ang mga mula
sa bawa't bayan na nagsadya sa kaniya, ay nagsalita siya sa
pamamagitan ng isang talinghaga: 5 Ang manghahasik ay
yumaon upang maghasik ng kaniyang binhi: at sa kaniyang
paghahasik ang ilan ay nangahulog sa tabi ng daan; at
napagyapakan, at ito'y kinain ng mga ibon sa langit. 6 At ang
iba'y nahulog sa batuhan; at pagsibol, ay natuyo, sapagka't
walang halumigmig. 7 At ang iba'y nahulog sa mga dawagan;
at tumubong kasama ang mga dawag, at yao'y ininis. 8 At
ang iba'y nahulog sa mabuting lupa, at tumubo at nagbunga
ng tigiisang daan. Pagkasabi niya ng mga bagay na ito, siya
ay sumigaw, Ang may mga pakinig na ipakikinig, ay makinig.
9 At tinanong siya ng kaniyang mga alagad, kung ano kaya
ang talinghagang ito. 10 At sinabi niya, Sa inyo'y ipinagkaloob
ang mangakaalam ng mga hiwaga ng kaharian ng Dios:

datapuwa't sa mga iba'y sa mga talinghaga; upang kung magsitingin ay huwag silang mangakakita, at mangakarinig ay huwag silang mangakaunawa. **11** Ito ang talinghaga: Ang binhi ay ang salita ng Dios. **12** At ang mga sa tabi ng daan, ay ang nangakinig; kung magkagayo'y dumarating ang diablo, at inaalis ang salita sa kanilang puso, upang huwag silang magsisampalataya at mangaligtas. **13** At ang mga sa batuhan, ay yaong mga pagkarinig, ay tinatanggap na may galak ang salita; at ang mga ito'y walang ugat, na sila sa sangdaling panaho'y nagsisisampalataya, at sa panahon ng tukso ay nagsisihiwalay. **14** At ang nahulog sa dawagan, ay ito ang nangakinig, at samantalang sila'y nagsisiyaon sa kanilang lakad ay iniinis sila ng mga pagsusumakit at mga kayamanan at mga kalayawan sa buhay na ito, at hindi nangagbubunga ng kasakdalan. **15** At ang sa mabuting lupa ay ang mga pusong timtiman at mabuti, na iniingatan ang salita pagkarinig, at nangagbubunga may pagtitiis. **16** At walang taong pagkapaningas niya ng ilawan ay tinatakpan ng isang banga, o inilalagay kaya ito sa ilalim ng isang higaan; kundi inilalagay ito sa talagang lalagyan, upang makita ng nagsisipasok ang ilaw. **17** Sapagka't walang bagay na natatago, na di mahahayag; o walang lihim, na di makikilala at mapapasa liwanag. **18** Ingatan ninyo kung paano ang inyong pakikinig: sapagka't sino mang mayroon ay bibigyan; at ang sinomang wala, pati ng inaakala niyang nasa kaniya ay aalisin. **19** At nagsiparoon sa kaniya ang kaniyang ina at mga kapatid, at sila'y hindi mangakalapit sa kaniya dahil sa karamihan ng tao. **20** At may nagsabi sa kaniya, Nangakatayo sa labas ang iyong ina at iyong mga kapatid, na ibig nilang makita ka. **21** Datapuwa't siya'y sumagot, at sinabi sa kanila, Ang aking ina at ang aking mga kapatid ay itong nangakikinig ng salita ng Dios, at ginagawa. **22** Nangyari nga sa mga araw na yaon, na siya'y lumulan sa isang daong, siya at ang kaniyang mga alagad; at sinabi niya sa kanila, Magsitawid tayo sa kabilang ibayo ng dagatdagatan: at sila'y nagsitulak. **23** Datapuwa't samantalang sila'y nangaglalayag, siya'y nakatulog: at bumugso ang isang unos ng hangin sa dagatdagatan; at sila'y nangatitigib ng tubig, at nangasa kapanganiban. **24** At sila'y nangagsilapit sa kaniya at siya'y ginising, na nangagsasabi, Guro, guro, tayo'y mangamamatay. At siya'y gumising, at sinaway ang hangin at ang galit ng tubig: at nangagsitigil, at humusay ang panahon. **25** At sinabi niya sa kanila, Saan naroon ang inyong pananampalataya? At palibhasa'y nangatakot sila'y nagsisipanggilalas, na sinasabi ng isa sa iba, Sino nga ito, na siya'y naguutos maging sa hangin at sa tubig, at siya'y tinatalima nila? **26** At sila'y nagsidating sa lupain ng mga Gadareno, na nasa tapat ng Galilea. **27** At pagkalunsad niya sa lupa, siya'y sinalubong ng isang lalaking galing sa bayan, na may mga demonio; at malaong panahon na hindi siya nagdaramit, at hindi tumatahan sa bahay, kundi sa mga libingan. **28** At nang makita niya si Jesus, siya'y sumigaw, at nagpatirapa sa harap niya, at sinabi ng malakas na tinig, Ano ang pakialam ko sa iyo, Jesus, ikaw na Anak ng Dios na Kataastaasan? Ipinamamanhik ko sa iyo, na huwag mo akong pahirapan. **29** Sapagka't ipinagutos niya sa karumaldumal na espiritu na lumabas sa tao. Sapagka't madalas siyang inaalihan: at siya'y binabantayan at gapos ng mga tanikala at mga damal; at pagka pinapatid ang gapos ay siya'y itinataboy ng demonio sa mga ilang. **30** At tinanong siya ni Jesus, Ano ang pangalan mo? At sinabi niya, Pulutong; sapagka't maraming demonio ang nagsipasok sa kaniya. **31** At ipinamamanhik nila sa kaniya na huwag silang paparoonin sa kalalimlaliman. **(Abyssos g12)** **32** Doon nga'y may isang kawan ng maraming baboy na nagsisipanginain sa bundok: at ipinamanhik nila sa kaniya na pabayaang sila'y magsipasok sa mga yaon. At sila'y pinahintulutan niya. **33** At nagsilabas ang mga demonio sa tao, at nagsipasok sa mga baboy: at ang kawan ay napadaluhong sa bangin hanggang sa dagatdagatan, at nangalunod. **34** At nang makita ng nagsisipagalaga ng mga yaon ang nangyari, ay nagsitakas, at isinaysay sa bayan at sa bukid. **35** At sila'y nagsilabas upang makita ang nangyari; at nagsilapit sila kay Jesus, at kanilang naratnan sa paanan ni Jesus ang taong nilabasan ng mga demonio, na nakaupo, may pananamit, at matino ang kaniyang bait: at sila'y nangatakot. **36** At sa kanila'y isinaysay ng nangakakita kung paanong pinagaling ang inaalihan ng mga demonio. **37** At ipinamanhik sa kaniya ng lahat ng mga tao sa palibotlibot ng lupain ng mga Gadareno na siya'y umalis sa kanila, sapagka't sila'y napipigilan ng malaking takot: at siya'y lumulan sa daong, at nagbalik. **38** Datapuwa't namanhik sa kaniya ang taong nilabasan ng mga demonio, na siya'y ipagsama niya: datapuwa't siya'y pinaalis niya, na sinasabi, **39** Umuwi ka sa iyong bahay, at ipahayag mo kung gaano kadakilang mga bagay ang ginawa ng Dios sa iyo. At siya'y yumaon ng kaniyang lakad, na ibinabalita sa buong bayan, kung gaanong kadakilang mga bagay ang sa kaniya'y ginawa ni Jesus. **40** At sa pagbalik ni Jesus, ay sinalubong siyang may galak ng karamihan; sapagka't hinihintay siya nilang lahat. **41** At narito, lumapit ang isang lalaking nagngangalang Jairo, at siya'y isang pinuno sa sinagoga: at siya'y nagpatirapa sa paanan ni Jesus, at ipinamamanhik sa kaniya, na pumasok sa kaniyang bahay; **42** Sapagka't siya'y may isang bugtong na anak na babae, na may labingdalawang taong gulang, at siya'y naghihingalo. Datapuwa't samantalang siya'y lumalakad ay sinisiksik siya ng karamihan. **43** At isang babae na may labingdalawang taon nang inaagasan, na ginugol sa mga

manggagamot ang lahat niyang pagkabuhay, at sinoma'y
walang makapagpagaling sa kaniya, 44 Ay lumapit sa
kaniyang likuran, at hinipo ang laylayan ng kaniyang damit
at pagdaka'y naampat ang kaniyang agas. 45 At sinabi ni
Jesus, Sino ang humipo sa akin? At nang tumatanggi ang
lahat, ay sinabi ni Pedro, at ng mga kasamahan niya, Guro,
iniimpit ka at sinisiksik ka ng karamihan. 46 Datapuwa't sinabi
ni Jesus, May humipo sa akin, sapagka't naramdaman ko na
may umalis na bisa sa akin. 47 At nang makita ng babae
na siya'y hindi nalingid, ay lumapit siya na nangangatal, at
nagpatirapa sa harapan niya na isinasaysay sa harapan
ng buong bayan ang dahil kung bakit siya'y hinipo niya, at
kung paanong gumaling siya kapagdaka. 48 At sinabi niya
sa kaniya, Anak, pinagaling ka ng iyong pananampalataya;
yumaon kang payapa. 49 Samantalang nagsasalita pa
siya ay dumating ang isa na mula sa bahay ng pinuno sa
sinagoga, na nagsasabi, Patay na ang anak mong babae;
huwag mong bagabagin ang Guro. 50 Datapuwa't nang
marinig ito ni Jesus ay sumagot sa kaniya, Huwag kang
matakot: manampalataya ka lamang, at siya'y gagaling. 51
At nang dumating siya sa bahay, ay hindi niya ipinahintulot
na pumasok na kasama niya ang sinomang tao, maliban
na kay Pedro, at kay Juan, at kay Santiago, at ang ama
ng dalaga at ang ina nito. 52 At tumatangis ang lahat,
at pinananambitanan ang dalaga: datapuwa't sinabi niya,
Huwag kayong magsitangis; sapagka't siya'y hindi patay,
kundi natutulog. 53 At tinawanan nila siya na nililibak, na
napagaalamang siya'y patay na. 54 Datapuwa't tinangnan
niya sa kamay, at tinawag, na sinasabi, Dalaga, magbangon
ka. 55 At nagbalik ang kaniyang espiritu, at siya'y nagbangon
pagdaka: at kaniyang ipinagutos na siya'y bigyan ng pagkain.
56 At nangagtaka ang kaniyang mga magulang: datapuwa't
ipinagbilin niya sa kanila na huwag sabihin kanino man ang
kaniyang ginawa.

**9** At tinipon niya ang labingdalawa, at binigyan sila ng
kapangyarihan at kapamahalaan sa lahat ng mga
demonio, at upang magpagaling ng mga sakit. 2 At sila'y
sinugo niya upang ipangaral ang kaharian ng Dios, at
magpagaling ng mga may sakit. 3 At sinabi niya sa
kanila, Huwag kayong mangagdala ng anoman sa inyong
paglalakad, kahit tungkod, kahit supot ng ulam, kahit tinapay,
kahit salapi; at kahit magkaroon ng dalawang tunika. 4
At sa anomang bahay na inyong pasukin, doon kayo
mangatira, at buhat doo'y magsialis kayo. 5 At ang lahat na
di magsitanggap sa inyo sa bayang yaon, ay ipagpag ninyo
ang alabok sa inyong mga paa, na pinaka patotoo laban sa
kanila. 6 At sila'y nagsialis, at nagsiparoon sa lahat ng mga
nayon, na ipinangangaral ang evangelio, at nagpapagaling
saa't saan man. 7 Nabalitaan nga ni Herodes na tetrarka
ang lahat na ginawa; at siya'y totoong natitilihan, sapagka't
sinasabi ng ilan, na si Juan ay muling ibinangon sa mga
patay; 8 At ng ilan, na si Elias ay lumitaw; at ng mga iba, na
isa sa mga datihang propeta ay muling ibinangon. 9 At sinabi
ni Herodes, Pinugutan ko ng ulo si Juan: datapuwa't sino
nga ito, na tungkol sa kaniya'y nababalitaan ko ang gayong
bagay? At pinagsisikapan niyang siya'y makita. 10 At nang
magsibalik ang mga apostol, ay isinaysay nila sa kaniya kung
anong mga bagay ang kanilang ginawa. At sila'y isinama
niya, at lumigpit na bukod sa isang bayan na tinatawag na
Betsaida. 11 Datapuwa't nang maalaman ng mga karamihan
ay nagsisunod sa kaniya: at sila'y tinanggap niyang may
galak at sinasalita sa kanila ang tungkol sa kaharian ng
Dios, at pinagagaling niya ang nangagkakailangang gamutin.
12 At nagpasimulang kumiling ang araw; at nagsilapit ang
labingdalawa, at nangagsabi sa kaniya, Paalisin mo ang
karamihan, upang sila'y magsiparoon sa mga nayon at sa
mga lupaing nasa palibotlibot, at mangakapanuluyan, at
mangakakuha ng pagkain: sapagka't tayo'y nangarito sa
isang ilang na dako. 13 Datapuwa't sinabi niya sa kanila,
Bigyan ninyo sila ng makakain. At sinabi nila, Wala tayo
kundi limang tinapay at dalawang isda; malibang kami'y
magsiyaon at ibili ng pagkain ang lahat ng mga taong ito. 14
Sapagka't sila'y may limang libong lalake. At sinabi niya sa
kaniyang mga alagad, Paupuin ninyo sila ng pulupulutong,
na may tiglilimangpu bawa't isa. 15 At gayon ang ginawa
nila, at pinaupo silang lahat. 16 At kinuha niya ang limang
tinapay at ang dalawang isda, at pagtingala sa langit, ay
kaniyang pinagpala, at pinagputolputol; at ibinigay sa mga
alagad upang ihain sa harap ng karamihan. 17 At sila'y
nagsikain, at nangabusog ang lahat: at ang lumabis sa
kanila na mga pinagputolputol ay pinulot na labingdalawang
bakol. 18 At nangyari, nang siya'y nananalangin ng bukod,
na ang mga alagad ay kasama niya: at tinanong niya sila, na
sinasabi, Ano ang sinasabi ng karamihan kung sino ako? 19
At pagsagot nila'y nangagsabi, Si Juan Bautista; datapuwa't
sinasabi ng mga iba, Si Elias; at sinasabi ng mga iba na
isa sa mga datihang propeta ay muling nagbangon. 20
At sinabi niya sa kanila, Datapuwa't, ano ang sabi ninyo
kung sino ako? At pagsagot ni Pedro, ay nagsabi, Ang
Cristo ng Dios. 21 Datapuwa't ipinagbilin niya, at ipinagutos
sa kanila na huwag sabihin ito sa kanino mang tao; 22
Na sinasabi, Kinakailangang magbata ng maraming mga
bagay ang Anak ng tao, at itakuwil ng matatanda at ng mga
pangulong saserdote at ng mga eskriba, at patayin, at muling
ibangon sa ikatlong araw. 23 At sinabi niya sa lahat, Kung
ang sinomang tao ay ibig sumunod sa akin, ay tumanggi
sa kaniyang sarili, at pasanin sa arawaraw ang kaniyang
krus, at sumunod sa akin. 24 Sapagka't ang sinomang

magibig iligtas ang kaniyang buhay, ay mawawalan nito;
datapuwa't sinomang mawalan ng kaniyang buhay dahil
sa akin, ay maililigtas nito yaon. **25** Sapagka't ano ang
pakikinabangin ng tao, kung makamtan niya ang buong
sanglibutan, at mawawala o mapapahamak ang kaniyang
sarili? **26** Sapagka't ang sinomang magmakahiya sa akin
at sa aking mga salita, ay ikahihiya siya ng Anak ng tao,
pagparito niyang nasa kaniyang sariling kaluwalhatian, at
sa kaluwalhatian ng Ama, at ng mga banal na anghel. **27**
Datapuwa't katotohanang sinasabi ko sa inyo, May ilan sa
nangakatayo rito, na hindi matitikman sa anomang paraan
ang kamatayan, hanggang sa mangakita nila ang kaharian ng
Dios. **28** At nangyari, nang makaraan ang may mga walong
araw pagkatapos ng mga pananalitang ito, na isinama niya
si Pedro at si Juan at si Santiago, at umahon sa bundok
upang manalangin. **29** At samantalang siya'y nananalangin,
ay nagbago ang anyo ng kaniyang mukha, at ang kaniyang
damit ay pumuti, at nakasisilaw. **30** At narito, dalawang
lalake ay nakikipagusap sa kaniya, na ang mga ito'y si
Moises at si Elias; **31** Na napakitang may kaluwalhatian,
at nangaguusapan ng tungkol sa kaniyang pagkamatay
na malapit niyang ganapin sa Jerusalem. **32** Si Pedro
nga at ang kaniyang mga kasamahan ay nangagaantok:
datapuwa't nang sila'y mangagising na totoo ay nakita
nila ang kaniyang kaluwalhatian, at ang dalawang lalaking
nangakatayong kasama niya. **33** At nangyari, samantalang
sila'y nagsisihiwalay sa kaniya, ay sinabi ni Pedro kay Jesus,
Guro, mabuti sa atin ang tayo'y dumito: at magsigawa tayo
ng tatlong dampa; isa ang sa iyo, at isa ang kay Moises,
at isa ang kay Elias: na hindi nalalaman ang kaniyang
sinasabi. **34** At samantalang sinasabi niya ang mga bagay
na ito, ay dumating ang isang alapaap, at sila'y naliliman:
at sila'y nangatakot nang sila'y mangapasok sa alapaap.
**35** At may tinig na nanggaling sa alapaap, na nagsasabi,
Ito ang aking Anak, ang aking hirang: siya ang inyong
pakinggan. **36** At nang dumating ang tinig, si Jesus ay
nasumpungang nagiisa. At sila'y di nagsisiimik, at nang
mga araw na yao'y hindi nila sinabi kanino mang tao ang
alin man sa mga bagay na kanilang nakita. **37** At nangyari
nang kinabukasan, nang pagbaba nila mula sa bundok, ay
sinalubong siya ng lubhang maraming tao. **38** At narito,
isang lalake sa karamihan, ay sumigaw na nagsasabi, Guro,
ipinamamanhik ko sa iyo na iyong tingnan ang aking anak na
lalake; sapagka't siya'y aking bugtong na anak; **39** At narito,
inaalihan siya ng isang espiritu, at siya'y biglang nagsisigaw;
at siya'y nililiglig, na pinabubula ang bibig, at bahagya nang
siya'y hiwalayan, na siya'y totoong pinasasakitan. **40** At
ipinamanhik ko sa iyong mga alagad na palabasin siya;
at hindi nila magawa. **41** At sumagot si Jesus at nagsabi,
Oh lahing walang pananampalataya at taksil, hanggang
kailan makikisama ako sa inyo at magtitiis sa inyo? dalhin
mo rito ang anak mo. **42** At samantalang siya'y lumalapit,
ay ibinuwal siya ng demonio, at pinapangatal na mainam.
Datapuwa't pinagwikaan ni Jesus ang karumaldumal na
espiritu, at pinagaling ang bata, at isinauli siya sa kaniyang
ama. **43** At nangagtaka silang lahat sa karangalan ng Dios.
Datapuwa't samantalang ang lahat ay nagsisipanggilalas
sa lahat ng mga bagay na kaniyang ginagawa, ay sinabi
niya sa kaniyang mga alagad, **44** Manuot sa inyong mga
tainga ang mga salitang ito: sapagka't ang Anak ng tao ay
ibibigay sa mga kamay ng mga tao. **45** Datapuwa't hindi
nila napaguunawa ang sabing ito, at sa kanila'y nalilingid,
upang ito'y huwag mapagunawa; at nangatatakot silang
magsipagtanong sa kaniya ng tungkol sa sabing ito. **46** At
nagkaroon ng isang pagmamatuwiran sa gitna nila kung sino
kaya sa kanila ang pinakadakila. **47** Datapuwa't pagkaunawa
ni Jesus sa pangangatuwiran ng kanilang puso, ay kumuha
siya ng isang maliit na bata, at inilagay sa kaniyang siping,
**48** At sinabi sa kanila, Ang sinomang tumanggap sa maliit
na batang ito sa pangalan ko, ay ako ang tinatanggap:
at ang sinomang tumanggap sa akin, ay tinatanggap ang
nagsugo sa akin: sapagka't ang pinaka maliit sa inyong
lahat, ay siyang dakila. **49** At sumagot si Juan at sinabi,
Guro, may nakita kaming nagpapalayas ng mga demonio sa
pangalan mo; at aming pinagbawalan siya, sapagka't siya'y
hindi sumasama sa atin. **50** Datapuwa't sinabi sa kanila
ni Jesus, Huwag ninyong pagbawalan siya: sapagka't ang
hindi laban sa inyo, ay sumasa inyo. **51** At nangyari, nang
nalalapit na ang mga kaarawan na siya'y tatanggapin sa
itaas, ay pinapanatili niyang harap ang kaniyang mukha
upang pumaroon sa Jerusalem, **52** At nagsugo ng mga
sugo sa unahan ng kaniyang mukha: at nagsiyaon sila, at
nagsipasok sa isang nayon ng mga Samaritano upang siya'y
ipaghanda. **53** At hindi nila siya tinanggap, sapagka't ang
mukha niya'y anyong patungo sa Jerusalem. **54** At nang
makita ito ng mga alagad niyang si Santiago at si Juan, ay
nangagsabi, Panginoon, ibig mo bagang magpababa tayo
ng apoy mula sa langit, at sila'y pugnawin? **55** Datapuwa't,
lumingon siya, at sila'y pinagwikaan. **56** At sila'y nagsiparoon
sa ibang nayon. **57** At paglakad nila sa daan ay may nagsabi
sa kaniya, Susunod ako sa iyo saan ka man pumaroon. **58** At
sinabi sa kaniya ni Jesus, May mga lungga ang mga sorra,
at ang mga ibon sa langit ay may mga pugad; datapuwa't
ang Anak ng tao ay walang kahiligan ang kaniyang ulo. **59**
At sinabi niya sa iba, Sumunod ka sa akin. Datapuwa't siya'y
nagsabi, Panginoon, tulutan mo muna akong makauwi at
mailibing ko ang aking ama. **60** Datapuwa't sinabi niya sa
kaniya, Pabayaan mong ilibing ng mga patay ang kanilang

sariling mga patay; datapuwa't yumaon ka at ibalita mo ang
kaharian ng Dios. 61 At ang iba nama'y nagsabi, Susunod
ako sa iyo, Panginoon; datapuwa't pabayaan mo akong
magpaalam muna sa mga kasangbahay ko. 62 Datapuwa't
sinabi sa kaniya ni Jesus, Walang taong pagkahawak sa
araro, at lumilingon sa likod, ay karapatdapat sa kaharian ng
Dios.

**10** Pagkatapos nga ng mga bagay na ito, ang Panginoon ay
naghalal ng pitongpu pa, at sila'y sinugong daladalawa,
sa unahan ng kaniyang mukha, sa bawa't bayan at dako
na kaniyang paroroonan. 2 At sinabi niya sa kanila, Sa
katotohana'y marami ang aanihin, datapuwa't kakaunti ang
mga manggagawa: kaya't idalangin ninyo sa Panginoon
ng aanihin, na magpadala siya ng mga manggagawa sa
kaniyang aanihin. 3 Magsiyaon kayo sa iyong lakad; narito,
sinusugo ko kayong gaya ng mga kordero sa gitna ng mga
lobo. 4 Huwag kayong magsipagdala ng supot ng salapi, ng
supot man ng pagkain, ng mga pangyapak man; at huwag
kayong magsibati kanino mang tao sa daan. 5 At sa alin
mang bahay na inyong pasukin, ay sabihin ninyo muna,
Kapayapaan nawa sa bahay na ito. 6 At kung mayroon doong
anak ng kapayapaan, ang inyong kapayapaa'y mananatili sa
kaniya: datapuwa't kung wala, ay babalik ito sa inyong muli.
7 At magsipanatili kayo sa bahay ding yaon, na kanin at
inumin ninyo ang mga bagay na kanilang ibigay: sapagka't
ang manggagawa ay marapat sa kaniyang kaupahan. Huwag
kayong mangagpalipatlipat sa bahaybahay. 8 At sa alin
mang bayan na iyong pasukin, at kayo'y kanilang tanggapin,
ay kanin ninyo ang mga bagay na ihain sa inyo: 9 At
pagalingin ninyo ang mga maysakit na nangaroon, at sabihin
ninyo sa kanila, Lumapit na sa inyo ang kaharian ng Dios.
10 Datapuwa't sa alin mang bayan na inyong pasukin, at
hindi kayo tanggapin, magsilabas kayo sa kanilang mga
lansangan at inyong sabihin, 11 Pati ng alabok ng inyong
bayan na kumakapit sa aming paa, ay ipinapagpag namin
laban sa inyo: gayon ma'y inyong talastasin ito, na lumapit
na ang kaharian ng Dios. 12 Sinasabi ko sa inyo, Sa araw
na yaon ay higit na mapagpapaumanhinan ang Sodoma
kay sa bayang yaon. 13 Sa aba mo, Corazin! sa aba mo,
Betsaida! sapagka't kung sa Tiro at sa Sidon sana ginawa
ang mga gawang makapangyarihang ginawa sa inyo, ay
maluwat na dising nangagsisi, na nangauupong may kayong
magaspang at abo. 14 Datapuwa't sa paghuhukom, higit
na mapagpapaumanhinan ang Tiro at Sidon, kay sa inyo.
15 At ikaw, Capernaum, magpapakataas ka hanggang sa
langit? ikaw ay ibaba hanggang sa Hades. **(Hadēs g86)** 16 Ang
nakikinig sa inyo, ay sa akin nakikinig; at ang nagtatakuwil
sa inyo ay ako ang itinatakuwil; at ang nagtatakuwil sa akin
ay itinatakuwil ang sa aki'y nagsugo. 17 At nagsipagbalik ang
pitongpu na may kagalakan, na nangagsasabi, Panginoon,
pati ang mga demonio ay nagsisisuko sa amin sa iyong
pangalan. 18 At sinabi niya sa kanila, Nakita ko si Satanas,
na nahuhulog na gaya ng lintik, mula sa langit. 19 Narito,
binigyan ko kayo ng kapamahalaan na inyong yurakan ang
mga ahas at ang mga alakdan, at sa ibabaw ng lahat ng
kapangyarihan ng kaaway: at sa anomang paraa'y hindi
kayo maaano. 20 Gayon ma'y huwag ninyong ikagalak ito,
na ang mga espiritu ay nagsisisuko sa inyo; kundi inyong
ikagalak na nangasusulat ang inyong mga pangalan sa
langit. 21 Nang oras ding yaon siya'y nagalak sa Espiritu
Santo, at sinabi, Ako'y nagpapasalamat sa iyo, Oh Ama,
Panginoon ng langit at lupa, na iyong inilihim ang mga
bagay na ito sa mga pantas at matatalino, at ipinahayag mo
sa mga sanggol: gayon nga, Ama; sapagka't gayon ang
nakalulugod sa iyong paningin. 22 Ang lahat ng mga bagay
ay ibinigay sa akin ng aking Ama: at walang nakakakilala
kung sino ang Anak, kundi ang Ama; at kung sino ang Ama,
kundi ang Anak, at yaong ibiging pagpahayagan ng Anak.
23 At paglingon sa mga alagad, ay sinabi niya ng bukod,
Mapapalad ang mga matang nangakakakita ng mga bagay
na inyong nangakikita: 24 Sapagka't sinasabi ko sa inyo,
na maraming propeta at mga hari ang nangaghahangad
na mangakakita ng mga bagay na inyong nangakikita,
at hindi nila nangakita at mangarinig ang mga bagay na
inyong nangaririnig, at hindi nila nangarinig. 25 At narito, ang
isang tagapagtanggol ng kautusan ay nagtindig at siya'y
tinutukso, na sinasabi, Guro, anong aking gagawin upang
magmana ng walang hanggang buhay? **(aiōnios g166)** 26 At
sinabi niya sa kaniya, Ano ang nasusulat sa kautusan? ano
ang nababasa mo? 27 At pagsagot niya'y sinabi, Iibigin
mo ang Panginoon mong Dios ng buong puso mo, at ng
buong kaluluwa mo, at ng buong lakas mo, at ng buong
pagiisip mo; at ang iyong kapuwa na gaya ng iyong sarili.
28 At sinabi niya sa kaniya, Matuwid ang sagot mo: gawin
mo ito, at mabubuhay ka. 29 Datapuwa't siya, na ibig
magaringganap sa kaniyang sarili, ay nagsabi kay Jesus, At
sino ang aking kapuwa tao? 30 Sumagot si Jesus at sinabi,
Isang tao'y bumababa sa Jerico na mula sa Jerusalem; at
siya'y nahulog sa kamay ng mga tulisan, na sa kaniya'y
sumamsam at sa kaniya'y humampas, at nagsialis na siya'y
iniwang halos patay na. 31 At nagkataong bumababa sa
daang yaon ang isang saserdote; at nang makita siya ay
dumaan sa kabilang tabi. 32 At sa gayon ding paraan ang
isang Levita naman, nang dumating siya sa dakong yaon, at
makita siya, ay dumaan sa kabilang tabi. 33 Datapuwa't ang
isang Samaritano, sa kaniyang paglalakbay, ay dumating sa
kinaroroonan niya: at nang siya'y makita niya, ay nagdalang
habag, 34 At lumapit sa kaniya, at tinalian ang kaniyang mga

sugat, na binuhusan ng langis at alak; at siya'y isinakay sa
kaniyang sariling hayop, at dinala siya sa bahay-tuluyan, at
siya'y inalagaan. 35 At nang kinabukasa'y dumukot siya ng
dalawang denario, at ibinigay sa katiwala ng bahay-tuluyan,
at sinabi, Alagaan mo siya, at ang anomang magugol mong
higit, ay aking pagbabayaran sa iyo pagbabalik ko. 36 Sino
sa tatlong ito, sa akala mo, ang nagpakilalang kapuwa tao
sa nahulog sa kamay ng mga tulisan? 37 At sinabi niya,
Ang nagkaawanggawa sa kaniya. At sinabi sa kaniya ni
Jesus, Humayo ka, at gayon din ang gawin mo. 38 Sa
pagyaon nga nila sa kanilang lakad, ay pumasok siya sa
isang nayon: at isang babaing nagngangalang Marta, ay
tinanggap siya sa kaniyang bahay. 39 At siya'y may isang
kapatid na tinatawag na Maria, na naupo rin naman sa mga
paanan ng Panginoon, at pinakikinggan ang kaniyang salita.
40 Nguni't si Marta ay naliligalig sa maraming paglilingkod; at
siya'y lumapit sa kaniya, at sinabi, Panginoon, wala bagang
anoman sa iyo, na pabayaan ako ng aking kapatid na babae
na maglingkod na magisa? iutos mo nga sa kaniya na ako'y
tulungan niya. 41 Datapuwa't sumagot ang Panginoon, at
sinabi sa kaniya, Marta, Marta naliligalig ka at nababagabag
tungkol sa maraming bagay: 42 Datapuwa't isang bagay ang
kinakailangan: sapagka't pinili ni Maria ang magaling na
bahagi, na hindi aalisin sa kaniya.

**11** At nangyari, nang siya'y nananalangin sa isang dako,
nang siya'y matapos, ay sinabi sa kaniya ng isa
sa kaniyang mga alagad, Panginoon, turuan mo kaming
manalangin, na gaya naman ni Juan na nagturo sa kaniyang
mga alagad. 2 At sinabi niya sa kanila, Pagka kayo'y
nagsisipanalangin, inyong sabihin, Ama, Sambahin nawa
ang pangalan mo. Dumating nawa ang kaharian mo. 3
Ibigay mo sa amin arawaraw ang aming pangarawaraw
na kakanin. 4 At ipatawad mo sa amin ang aming mga
kasalanan; sapagka't aming pinatawad naman ang bawa't
may utang sa amin. At huwag mo kaming ihatid sa tukso.
5 At sinabi niya sa kanila, Sino sa inyo ang magkakaroon
ng isang kaibigan, at paroroon sa kaniya sa hating gabi,
at sa kaniya'y sasabihin, Kaibigan, pahiramin mo ako ng
tatlong tinapay; 6 Sapagka't dumarating sa akin na galing
sa paglalakbay ang isa kong kaibigan, at wala akong
maihain sa kaniya; 7 At siya na mula sa loob ay sasagot
at sasabihin, Huwag mo akong bagabagin: nalalapat na
ang pinto, at kasama ko sa hihigan ang aking mga anak;
hindi ako makabangon at makapagbigay sa iyo? 8 Sinasabi
ko sa inyo, Kahit siya'y hindi bumangon, at magbigay sa
kaniya, dahil sa siya'y kaibigan niya, gayon ma'y dahil sa
kaniyang pagbagabag ay siya'y magbabangon at ibibigay
gaano man ang kinakailangan niya. 9 At sinasabi ko sa
inyo, Magsihingi kayo, at kayo'y bibigyan; magsihanap
kayo, at kayo'y mangakakasumpong; magsituktok kayo, at
kayo'y bubuksan. 10 Sapagka't ang bawa't humihingi ay
tumatanggap; at ang humahanap ay nakasusumpong; at
ang tumutuktok ay binubuksan. 11 At aling ama sa inyo,
na kung humingi ang kaniyang anak ng isang tinapay, ay
bibigyan niya siya ng isang bato? o ng isang isda kaya,
at hindi isda ang ibibigay, kundi isang ahas? 12 O kung
siya'y humingi ng itlog, kaniyang bibigyan kaya siya ng
alakdan? 13 Kung kayo nga, bagaman masasama, ay
marurunong mangagbigay ng mabubuting kaloob sa inyong
mga anak, gaano pa kaya ang inyong Ama sa kalangitan na
magbibigay ng Espiritu Santo sa nagsisihingi sa kaniya? 14
At nagpalabas siya ng isang demoniong pipi. At nangyari,
nang makalabas na ang demonio, ang pipi ay nangusap; at
nangagtaka ang mga karamihan. 15 Datapuwa't sinabi ng
ilan sa kanila, Sa pamamagitan ni Beelzebub, na pangulo ng
mga demonio ay nagpapalabas siya ng mga demonio. 16
At ang mga iba sa pagtukso sa kaniya'y hinanapan siya
ng isang tanda na mula sa langit. 17 Datapuwa't siya, na
nakatataho ng mga pagiisip nila, sa kanila'y sinabi, Ang
bawa't kahariang nagkakabahabahagi laban sa kaniyang
sarili ay magkakawatakwatak; at ang sangbahayan na
nagkakabahabahagi laban sa sangbahayan ay nagigiba.
18 At kung si Satanas naman ay nagkakabahabahagi
laban sa kaniyang sarili, paanong mananatili ang kaniyang
kaharian? sapagka't sinasabi ninyong sa pamamagitan
ni Beelzebub nagpapalabas ako ng mga demonio. 19 At
kung nagpapalabas ako ng mga demonio sa pamamagitan
ni Beelzebub, sa pamamagitan nino sila pinalalabas ng
inyong mga anak? kaya nga, sila ang inyong magiging
mga hukom. 20 Nguni't kung sa pamamagitan ng daliri
ng Dios ay nagpapalabas ako ng mga demonio, dumating
nga sa inyo ang kaharian ng Dios. 21 Pagka ang lalaking
malakas na nasasandatahang lubos ay nagbabantay sa
kaniyang sariling looban, ang kaniyang mga pag-aari ay
wala sa panganib. 22 Datapuwa't kung siya'y datnan ng
ibang lalong malakas kay sa kaniya, at siya'y matalo, ay
kukunin nito sa kaniya ang lahat ng kaniyang sandata na
kaniyang inaasahan, at ipamamahagi ang mga nasamsam
sa kaniya. 23 Ang hindi sumasa akin ay laban sa akin; at ang
hindi nagiimpok na kasama ko ay nagsasambulat. 24 Pagka
ang karumaldumal na espiritu ay lumabas sa isang tao, ay
lumalakad sa mga dakong walang tubig, na humahanap ng
kapahingahan, at pagka hindi makasumpong, ay sinasabing,
Babalik ako sa aking bahay na nilabasan ko. 25 At pagdating
niya ay nasusumpungang walis na at nagagayakan. 26 Kung
magkagayo'y yumayaon siya, at nagsasama ng pito pang
espiritu na lalong masasama pa kay sa kaniya; at sila'y
nagsisipasok at nagsisitahan doon: at nagiging lalo pang

masama ang huling kalagayan ng taong yaon kay sa una.
27 At nangyari, na nang sinasabi niya ang mga bagay na
ito, ang isang babaing mula sa karamihan ay naglakas ng
kaniyang tinig at sinabi sa kaniya, Mapalad ang tiyang sa
iyo'y nagdala, at ang mga dibdib na iyong sinusuhan. 28
Datapuwa't sinabi niya, Oo, bagkus na lalong mapapalad
ang nangakikinig ng salita ng Dios, at ito'y ginaganap.
29 At nang ang mga karamihan ay nangagkakatipon sa
kaniya, ay nagpasimula siyang magsabi, Ang lahing ito'y
isang masamang lahi: siya'y humahanap ng isang tanda;
at hindi siya bibigyan ng anomang tanda kundi ng tanda
ni Jonas. 30 Sapagka't kung paanong si Jonas ay naging
tanda sa mga Ninivita, ay gayon din naman ang Anak ng
tao sa lahing ito. 31 Magbabangon sa paghuhukom ang
reina ng timugan na kasama ng mga tao ng lahing ito,
at sila'y hahatulan: sapagka't siya'y naparitong galing sa
mga wakas ng lupa, upang pakinggan ang karunungan ni
Salomon; at narito, dito'y may isang lalong dakila kay sa
kay Salomon. 32 Magsisitayo sa paghuhukom ang mga
tao sa Ninive na kasama ng lahing ito, at ito'y hahatulan:
sapagka't sila'y nagsipagsisi sa pangangaral ni Jonas; at
narito, dito'y may isang lalong dakila kay sa kay Jonas. 33
Walang taong pagkapagpaningas niya ng isang ilawan, ay
ilalagay sa isang dakong tago, ni sa ilalim man ng takalan,
kundi sa talagang lalagyan ng ilaw, upang ang nagsisipasok
ay makita ang ilaw. 34 Ang ilawan ng katawan mo ay ang
iyong mata: kung magaling ang iyong mata, ang buong
katawan mo naman ay puspos ng liwanag; datapuwa't
kung ito'y may sakit, ang katawan mo nama'y puspos ng
kadiliman. 35 Masdan mo nga kung ang ilaw na nasa iyo
ay baka kadiliman. 36 Kaya nga, kung ang buong katawan
mo ay puspos ng liwanag, na walang anomang bahaging
madilim, ito'y lubos na mapupuspos ng liwanag, na gaya ng
pagliliwanag sa iyo ng ilawang may liwanag na maningning.
37 Samantala ngang siya'y nagsasalita, ay inanyayahan
siya ng isang Fariseo na kumaing kasalo niya: at siya'y
pumasok, at naupo sa dulang. 38 At nang makita ito ng
Fariseo, ay nagtaka na siya'y hindi muna naghugas bago
mananghali. 39 At sinabi sa kaniya ng Panginoon, Gayon
nga kayong mga Fariseo na nililinis ninyo ang dakong labas
ng saro at ng pinggan; datapuwa't ang loob ninyo'y puno
ng panglulupig at kasamaan. 40 Kayong mga haling, di
baga ang gumawa ng dakong labas ay siya ring gumawa ng
dakong loob? 41 Datapuwa't ilimos ninyo ang mga bagay
na nasa kalooban; at narito, ang lahat ng mga bagay ay
malilinis sa inyo. 42 Datapuwa't sa aba ninyong mga Fariseo!
sapagka't nagbibigay kayo ng ikapu ng yerbabuena, at ng
ruda, at ng bawa't gugulayin, at pinababayaan ninyo ang
katarungan at ang pagibig ng Dios: datapuwa't dapat ngang
gawin ninyo ang mga ito, at huwag pabayaan di ginagawa
ang mga yaon. 43 Sa aba ninyong mga Fariseo! sapagka't
inyong iniibig ang mga pangulong upuan sa mga sinagoga,
at ang mga pagpupugay sa mga pamilihan. 44 Sa aba ninyo!
sapagka't kayo'y tulad sa mga libingang hindi nakikita, at di
nalalaman ng mga taong nagsisilakad sa ibabaw nila. 45 At
pagsagot ng isa sa mga tagapagtanggol ng kautusan, ay
nagsabi sa kaniya, Guro, sa pagsasabi mo nito, pati kami
ay iyong pinupulaan. 46 At sinabi niya, Sa aba rin naman
ninyong mga tagapagtanggol ng kautusan! sapagka't inyong
ipinapapasan sa mga tao ang mga pasang mahihirap dalhin,
at hindi man lamang ninyo hinihipo ng isa sa inyong mga
daliri ang mga pasan. 47 Sa aba ninyo! sapagka't inyong
itinatayo ang mga libingan ng mga propeta, at ang mga yao'y
pinatay ng inyong mga magulang. 48 Kayo nga'y mga saksi
at nagsisisangayon sa mga gawa ng inyong mga magulang:
sapagka't pinatay ng mga ito ang mga yaon, at itinatayo
ninyo ang kanilang mga libingan. 49 Kaya nga, sinasabi
naman ng karunungan ng Dios, Magsusugo ako sa kanila
ng mga propeta at mga apostol; at ilan sa kanila ay kanilang
papatayin at paguusigin; 50 Upang hingin sa lahing ito ang
dugo ng lahat ng mga propeta, na ibinubo buhat nang itatag
ang sanglibutan; 51 Mula sa dugo ni Abel, hanggang sa
dugo ni Zacarias, na pinatay sa pagitan ng dambana at ng
santuario: oo, sinasabi ko sa inyo, na ito'y hihingin sa lahing
ito. 52 Sa aba ninyong mga tagapagtanggol ng kautusan!
sapagka't inalis ninyo ang susi ng karunungan: hindi kayo
nagsipasok, at inyong sinasansala ang nagsisipasok. 53 At
paglabas niya roon, ay nangagpasimula ang mga eskriba
at ang mga Fariseo na higpitang mainam siya, at akitin
siyang magsalita ng maraming mga bagay; 54 Na siya'y
inaabangan, upang makahuli sa kaniyang bibig ng anoman.

**12** Samantalang nangagkakatipon ang libolibong tao, na
ano pa't nagkakayapakan silasila, ay nagpasimula
siyang magsalita muna sa kaniyang mga alagad,
Mangagingat kayo sa lebadura ng mga Fariseo, na ito'y
pagpapaimbabaw nga. 2 Datapuwa't walang bagay na
natatakpan, na hindi mahahayag: at natatago, na hindi
malalaman. 3 Kaya nga, ang anomang sinabi ninyo sa
kadiliman ay maririnig sa kaliwanagan, at ang sinalita
ninyo sa bulong sa mga silid, ay ipagsisigawan sa mga
bubungan. 4 At sinasabi ko sa inyo mga kaibigan ko, Huwag
kayong mangatakot sa mga pumapatay ng katawan, na
pagkatapos niyan ay wala na silang magagawa. 5 Datapuwa't
ipinagpapauna ko sa inyo kung sino ang inyong katatakutan:
Katakutan ninyo yaong pagkatapos na pumatay, ay may
kapangyarihang magbulid sa impierno; tunay, sinasabi ko sa
inyo, Siya ninyong katakutan. **(Geenna g1067)** 6 Hindi baga
ipinagbibili ang limang maya sa dalawang beles? at isa

man sa kanila ay hindi nalilimutan sa paningin ng Dios.
**7** Datapuwa't maging ang mga buhok ng inyong ulo ay
pawang bilang na lahat. Huwag kayong mangatakot: kayo'y
lalong mahalaga kay sa maraming maya. **8** At sinasabi ko
sa inyo, Ang bawa't kumikilala sa akin sa harap ng mga
tao, ay kikilalanin naman siya ng Anak ng tao sa harap
ng mga anghel ng Dios: **9** Datapuwa't ang magkaila sa
akin sa harap ng mga tao, ay ikakaila sa harap ng mga
anghel ng Dios. **10** Ang bawa't magsalita ng salitang laban
sa Anak ng tao ay patatawarin: nguni't ang magsalita ng
kapusungan laban sa Espiritu Santo ay hindi patatawarin. **11**
At pagka kayo'y dadalhin sa harap ng mga sinagoga, at
sa mga pinuno, at sa mga may kapamahalaan, ay huwag
kayong mangabalisa kung paano o ano ang inyong isasagot,
o kung ano ang inyong sasabihin: **12** Sapagka't ituturo sa
inyo ng Espiritu Santo sa oras ding yaon ang inyong dapat
sabihin. **13** At sinabi sa kaniya ng isa sa karamihan, Guro,
iutos mo sa aking kapatid na bahaginan ako ng mana. **14**
Datapuwa't sinabi niya sa kaniya, Lalake, sino ang gumawa
sa aking hukom o tagapamahagi sa inyo? **15** At sinabi niya
sa kanila, Mangagmasid kayo, at kayo'y mangagingat sa
lahat ng kasakiman: sapagka't ang buhay ng tao ay hindi
sa kasaganaan ng mga bagay na tinatangkilik niya. **16** At
nagsaysay siya sa kanila ng isang talinghaga, na sinasabi,
Ang lupa ng isang taong mayaman ay namumunga ng
sagana: **17** At iniisip niya sa sarili na sinasabi, Ano ang
gagawin ko, sapagka't wala akong mapaglalagyan ng aking
mga inaning bunga? **18** At sinabi niya, Ito ang gagawin ko:
igigiba ko ang aking mga bangan, at gagawa ako ng lalong
malalaki; at doon ko ilalagay ang lahat ng aking butil at
aking mga pag-aari. **19** At sasabihin ko sa aking kaluluwa,
Kaluluwa, marami ka nang pag-aaring nakakamalig para sa
maraming taon; magpahingalay ka, kumain ka, uminom ka,
matuwa ka. **20** Datapuwa't sinabi sa kaniya ng Dios, Ikaw na
haling, hihingin sa iyo sa gabing ito ang iyong kaluluwa;
at ang mga bagay na inihanda mo, ay mapapa sa kanino
kaya? **21** Gayon nga ang nagpapakayaman sa ganang
kaniyang sarili, at hindi mayaman sa Dios. **22** At sinabi niya
sa kaniyang mga alagad, Kaya nga sinasabi ko sa inyo,
Huwag kayong mangabalisa sa inyong pamumuhay, kung
ano ang inyong kakanin; kahit sa inyong katawan, kung ano
ang inyong daramtin. **23** Sapagka't ang buhay ay higit kay
sa pagkain, at ang katawan kay sa damit. **24** Wariin ninyo
ang mga uwak, na hindi sila nangaghahasik, ni nagsisigapas
man; na walang bangan ni kamalig man; at sila'y pinakakain
ng Dios: gaano ang kahigtan ng kahalagahan ninyo kay
sa mga ibon! **25** At sino sa inyo ang sa pagkabalisa ay
makapagdaragdag ng isang siko sa sukat ng kaniyang
buhay? **26** Kung hindi nga ninyo magawa kahit ang lalong
maliit, bakit nangababalisa kayo tungkol sa mga ibang
bagay? **27** Wariin ninyo ang mga lirio, kung paano silang
nagsisilaki: hindi nangagpapagal, o nangagsusulid man;
gayon ma'y sinasabi ko sa inyo, Kahit si Salomon man, sa
buong kaluwalhatian niya, ay hindi nakapaggayak na gaya
ng isa sa mga ito. **28** Nguni't kung pinararamtan ng Dios
ng ganito ang damo sa parang, na ngayon ay buhay, at
sa kinabukasan ay iginagatong sa kalan; gaano pa kaya
kayo na di niya pararamtan, Oh kayong mga kakaunti
ang pananampalataya? **29** At huwag ninyong pagsikapan
kung ano ang inyong kakanin, at kung ano ang inyong
iinumin, o huwag man kayo'y mapagalinlangang pagiisip.
**30** Sapagka't ang lahat ng mga bagay na ito ay siyang
pinaghahanap ng mga bansa sa sanglibutan: datapuwa't
talastas ng inyong Ama na inyong kinakailangan ang mga
bagay na ito. **31** Gayon ma'y hanapin ninyo ang kaniyang
kaharian, at idaragdag sa inyo ang mga bagay na ito.
**32** Huwag kayong mangatakot, munting kawan; sapagka't
nakalulugod na mainam sa inyong Ama ang sa inyo'y ibigay
ang kaharian. **33** Ipagbili ninyo ang inyong mga tinatangkilik,
at kayo'y mangaglimos; magsigawa kayo sa ganang inyo
ng mga supot na hindi nangaluluma, isang kayamanan
sa langit na hindi nagkukulang, na doo'y hindi lumalapit
ang magnanakaw, o naninira man ang tanga. **34** Sapagka't
kung saan naroroon ang inyong kayamanan, ay doroon
naman ang inyong puso. **35** Bigkisan ninyo ang inyong mga
baywang, at paningasan ang inyong mga ilawan; **36** At
magsitulad kayo sa mga taong nangaghihintay sa kanilang
panginoon kung siya'y bumalik na galing sa kasalan; upang
kung siya'y dumating at tumuktok, pagdaka'y mabuksan nila
siya. **37** Mapapalad yaong mga alipin na kung dumating
ang panginoon ay maratnang nangagpupuyat: katotohanang
sinasabi ko sa inyo na siya'y magbibigkis sa sarili, at sila'y
pauupuin sa dulang, at lalapit at sila'y paglilingkuran niya.
**38** At kung siya'y dumating sa ikalawang pagpupuyat, o sa
ikatlo, at masumpungan sila sa gayon, ay mapapalad ang
mga aliping yaon. **39** Datapuwa't talastasin ninyo ito na
kung nalalaman lamang ng puno ng sangbahayan kung
anong oras darating ang magnanakaw, siya'y magpupuyat,
at hindi pababayaang sirain ang kaniyang bahay. **40**
Kayo rin naman ay mangagsihanda: sapagka't sa oras
na hindi ninyo iniisip, ang Anak ng tao ay darating. **41**
At sinabi ni Pedro, Panginoon, sinasabi mo baga ang
talinghagang ito sa amin, o sa lahat naman? **42** At sinabi ng
Panginoon, Sino nga baga ang katiwalang tapat at matalino,
na pagkakatiwalaan ng kaniyang panginoon ng kaniyang
sangbahayan, upang sila'y bigyan ng kanilang bahagi na
pagkain sa kapanahunan? **43** Mapalad ang aliping yaon,
na kung dumating ang kaniyang panginoon ay maratnang

gayon ang ginagawa niya. **44** Katotohanang sinasabi ko sa
inyo, na sa kaniya'y ipagkakatiwala ang lahat niyang pag-
aari. **45** Datapuwa't kung sabihin ng aliping yaon sa kaniyang
puso, Maluluwatan ang pagdating ng aking panginoon; at
magpasimulang bugbugin ang mga aliping lalake at ang
mga aliping babae, at kumain at uminom, at maglasing;
**46** Ang panginoon ng aliping yaon ay darating sa araw na
di niya hinihintay, at sa oras na hindi niya nalalaman, at
siya'y babaakin, at isasama ang kaniyang bahagi sa mga
di tapat. **47** At yaong aliping nakaaalam ng kalooban ng
kaniyang panginoon, at hindi naghanda, at hindi gumawa ng
alinsunod sa kaniyang kalooban ay papaluin ng marami; **48**
Datapuwa't ang hindi nakaaalam, at gumawa ng mga bagay
na karapatdapat sa mga palo, ay papaluin ng kaunti. At sa
sinomang binigyan ng marami ay marami ang hihingin sa
kaniya: at sa sinomang pinagkatiwalaan ng marami ay lalo
nang marami ang hihingin sa kaniya. **49** Ako'y naparito upang
maglagay ng apoy sa lupa; at ano pa ang iibigin ko, kung
magningas na? **50** Datapuwa't ako'y may isang bautismo
upang ibautismo sa akin; at gaano ang aking kagipitan
hanggang sa ito'y maganap? **51** Inaakala baga ninyo na ako'y
naparito upang magbigay ng kapayapaan sa lupa? Sinasabi
ko sa inyo, Hindi, kundi bagkus pagkakabahabahagi: **52**
Sapagka't mula ngayon ay magkakabahabahagi ang lima
sa isang bahay, tatlo laban sa dalawa, at dalawa laban sa
tatlo. **53** Sila'y mangagkakabahabahagi, ang ama'y laban
sa anak na lalake, at ang anak na lalake ay laban sa
ama; ang ina'y laban sa anak na babae, at ang anak na
babae ay laban sa kaniyang ina; ang biyanang babae ay
laban sa kaniyang manugang na babae, at ang manugang
na babae ay laban sa kaniyang biyanang babae. **54** At
sinabi rin naman niya sa mga karamihan, Pagka nakikita
ninyong bumangon sa kalunuran ang isang alapaap, ay
agad ninyong sinasabi, Uulan; at gayon ang nangyayari.
**55** At kung humihihip ang hanging timugan, ay sinasabi
ninyo, Iinit na maigi; at ito'y nangyayari. **56** Kayong mga
mapagpaimbabaw! marunong kayong mangagpaaninaw
ng anyo ng lupa at ng langit; datapuwa't bakit di ninyo
nalalamang ipaaninaw ang panahong ito? **57** At bakit naman
hindi ninyo hatulan sa inyong sarili kung alin ang matuwid?
**58** Sapagka't samantalang pumaparoon ka sa hukom na
kasama mo ang iyong kaalit, ay sikapin mo sa daan na
makaligtas ka sa kaniya; baka sakaling kaladkarin ka niya
sa hukom, at ibigay ka ng hukom sa punong kawal at ipasok
ka ng punong kawal sa bilangguan. **59** Sinasabi ko sa iyo,
Hindi ka lalabas doon sa anomang paraan, hanggang sa
mabayaran mo ang katapustapusang lepta.

**13** Nang panahon ding ngang yaon ay nangaroon ang
ilan, na nagsipagsabi sa kaniya tungkol sa mga Galileo,
na ang dugo ng mga ito'y inihalo ni Pilato sa mga hain nila.
**2** At siya'y sumagot at sinabi sa kanila, Inaakala baga ninyo
na ang mga Galileong ito ay higit ang pagkamakasalanan
kay sa lahat ng mga Galileo, dahil sa sila'y nangagbata ng
mga bagay na ito? **3** Sinasabi ko sa inyo, Hindi: datapuwa't,
malibang kayo'y mangagsisi, ay mangamamatay kayong
lahat sa gayon ding paraan. **4** O yaong labingwalo, na
nalagpakan ng moog sa Siloe, at nangamatay, ay inaakala
baga ninyo na sila'y lalong salarin kay sa lahat ng taong
nanganahan sa Jerusalem? **5** Sinasabi ko sa inyo, Hindi:
datapuwa't, malibang kayo'y mangagsisi, ay mangamamatay
kayong lahat sa gayon ding paraan. **6** At sinalita niya ang
talinghagang ito, Isang tao ay may isang puno ng igos
na natatanim sa kaniyang ubasan; at siya'y naparoong
humahanap ng bunga niyaon, at walang nasumpungan.
**7** At sinabi niya sa nagaalaga ng ubasan, Narito, tatlong
taon nang pumaparito akong humahanap ng bunga sa puno
ng igos na ito, at wala akong masumpungan: putulin mo;
bakit pa makasisikip sa lupa? **8** At pagsagot niya'y sinabi
sa kaniya, Panginoon, pabayaan mo muna sa taong ito,
hanggang sa aking mahukayan sa palibot, at malagyan ng
pataba: **9** At kung pagkatapos ay magbunga, ay mabuti;
datapuwa't kung hindi, ay puputulin mo. **10** At siya'y nagtuturo
sa mga sinagoga nang araw ng sabbath. **11** At narito, ang
isang babae na may espiritu ng sakit na may labingwalong
taon na; at totoong baluktot at hindi makaunat sa anomang
paraan. **12** At nang siya'y makita ni Jesus, ay kaniyang
tinawag siya, at sinabi niya sa kaniya, Babae, kalag ka
na sa iyong sakit. **13** At ipinatong niya ang kaniyang mga
kamay sa kaniya: at pagdaka siya'y naunat, at niluwalhati
niya ang Dios. **14** At ang pinuno sa sinagoga, dala ng
kagalitan, sapagka't si Jesus ay nagpagaling nang sabbath,
ay sumagot at sinabi sa karamihan, May anim na araw na
ang mga tao'y dapat na magsigawa: kaya sa mga araw
na iyan ay magsiparito kayo, at kayo'y pagagalingin, at
huwag sa araw ng sabbath. **15** Datapuwa't sinagot siya ng
Panginoon, at sinabi, Kayong mga mapagpaimbabaw, hindi
baga kinakalagan ng bawa't isa sa inyo sa sabbath ang
kaniyang bakang lalake o ang kaniyang asno sa sabsaban,
at ito'y inilalabas upang painumin? **16** At ang babaing itong
anak ni Abraham, na tinalian ni Satanas, narito, sa loob ng
labingwalong taon, hindi baga dapat kalagan ng taling ito sa
araw ng sabbath? **17** At samantalang sinasabi niya ang mga
bagay na ito, ay nangapahiya ang lahat ng kaniyang mga
kaalit: at nangagagalak ang buong karamihan dahil sa lahat
ng maluwalhating bagay na kaniyang ginawa. **18** Sinabi
nga niya, Sa ano tulad ang kaharian ng Dios? at sa ano ko
itutulad? **19** Tulad sa isang butil ng mostasa na kinuha ng
isang tao, at inihagis sa kaniyang sariling halamanan; at

ito'y sumibol, at naging isang punong kahoy; at humapon
sa mga sanga nito ang mga ibon sa langit. 20 At muling
sinabi niya, Sa ano ko itutulad ang kaharian ng Dios? 21
Tulad sa lebadura na kinuha ng isang babae, at itinago sa
tatlong takal na harina, hanggang sa ito'y nalebadurahang
lahat. 22 At siya'y yumaon sa kaniyang lakad sa mga
bayan at mga nayon, na nagtuturo, at naglalakbay na
tungo sa Jerusalem. 23 At may isang nagsabi sa kaniya,
Panginoon, kakaunti baga ang mangaliligtas? At sinabi
niya sa kanila, 24 Magpilit kayong magsipasok sa pintuang
makipot: sapagka't sinasabi ko sa inyo na marami ang
mangagsisikap na pumasok, at hindi mangyayari. 25 Kung
makatindig na ang puno ng sangbahayan, at mailapat na
ang pinto, at magpasimula kayong mangagsitayo sa labas,
at mangagsituktok sa pintuan, na mangagsasabi, Panginoon,
buksan mo kami; at siya'y sasagot at sasabihin sa inyo,
Hindi ko kayo nangakikilala kung kayo'y taga saan; 26 Kung
magkagayo'y pasisimulan ninyong sabihin, Nagsikain kami
at nagsiinom sa harap mo, at nagturo ka sa aming mga
lansangan; 27 At sasabihin niya, Sinasabi ko sa inyo na hindi
ko kayo nangakikilala kung kayo'y taga saan; magsilayo
kayo sa akin, kayong lahat na manggagawa ng kalikuan.
28 Diyan na nga ang pagtangis, at ang pagngangalit ng
mga ngipin, kung mangakita ninyo si Abraham, at si Isaac,
at si Jacob, at ang lahat ng mga propeta sa kaharian ng
Dios, at kayo'y palabasin. 29 At sila'y magsisipanggaling sa
silanganan at sa kalunuran, at sa timugan at sa hilagaan,
at magsisiupo sa kaharian ng Dios. 30 At narito, may mga
huling magiging una at may mga unang magiging huli.
31 Nagsidating nang oras ding yaon ang ilang Fariseo,
na nangagsasabi sa kaniya, Lumabas ka, at humayo ka
rito: sapagka't ibig kang patayin ni Herodes. 32 At sinabi
niya sa kanila, Magsiparoon kayo, at inyong sabihin sa
sorrang yaon, Narito, nagpapalabas ako ng mga demonio at
nagpapagaling ngayon at bukas, at ako'y magiging sakdal
sa ikatlong araw. 33 Gayon ma'y kailangang ako'y yumaon
sa aking lakad ngayon at bukas at sa makalawa: sapagka't
hindi mangyayari na ang isang propeta ay mamatay sa labas
ng Jerusalem. 34 Oh Jerusalem, Jerusalem, na pumapatay
sa mga propeta, at bumabato sa mga sinugo sa kaniya!
Makailang inibig kong tipunin ang iyong mga anak, na gaya
ng pagtitipon ng inahing manok sa kaniyang sariling mga
sisiw sa ilalim ng kaniyang mga pakpak, at ayaw kayo! 35
Narito, sa inyo'y iniwang walang anoman ang inyong bahay:
at sinasabi ko sa inyo, Hindi ninyo ako makikita, hanggang
sa inyong sabihin, Mapalad ang pumaparito sa pangalan ng
Panginoon.

**14** At nangyari, sa pagpasok niya sa bahay ng isa sa mga
pinuno ng mga Fariseo nang isang sabbath upang
kumain ng tinapay, at inaabangan nila siya. 2 At narito, sa
kaniyang harapan ay may isang lalaking namamaga. 3 At
pagsagot ni Jesus, ay nagsalita sa mga tagapagtanggol ng
kautusan at sa mga Fariseo, na sinasabi, Matuwid baga o
hindi na magpagaling sa sabbath? 4 Datapuwa't sila'y di
nagsiimik. At siya'y tinangnan niya, at siya'y pinagaling, at
siya'y pinayaon. 5 At sinabi niya sa kanila, Sino kaya sa
inyo ang kung magkaroon ng isang asno o isang bakang
lalake na mahulog sa hukay, at pagdaka'y hindi kukunin
kahit araw ng sabbath? 6 At di na muling nakasagot sila sa
kaniya sa mga bagay na ito. 7 At nagsalita siya ng isang
talinghaga sa mga inanyayahan, nang mamasdan niya na
kanilang pinipili ang mga pangulong luklukan; na nagsasabi
sa kanila, 8 Pagka inaanyayahan ka ninomang tao sa
kasalan, huwag kang uupo sa pangulong luklukan; baka
mayroon siyang anyayahang lalong marangal na tao kay sa
iyo, 9 At lumapit yaong naganyaya sa iyo at sa kaniya, at
sabihin sa iyo, Bigyan mong puwang ang taong ito; at kung
magkagayo'y magpapasimula kang mapahiya na mapalagay
ka sa dakong kababababaan. 10 Kundi pagka inaanyayahan
ka, ay pumaroon ka at umupo ka sa dakong kababababaan;
upang kung dumating ang naganyaya sa iyo, ay sa iyo'y
sabihin niya, Kaibigan pumaroon ka pa sa lalong mataas:
kung magkagayo'y magkakaroon ka ng kaluwalhatian sa
harap ng lahat na mga kasalo mong nangakaupo sa dulang.
11 Sapagka't ang bawa't nagmamataas ay mabababa; at ang
nagpapakababa ay matataas. 12 At sinabi rin naman niya
sa naganyaya sa kaniya, Pagka naghahanda ka ng isang
tanghalian o ng isang hapunan, ay huwag mong tawagin ang
iyong mga kaibigan, ni ang iyong mga kapatid, ni ang iyong
mga kamaganak, ni ang mayayamang kapitbahay; baka
ikaw naman ang kanilang muling anyayahan, at gantihan
ka. 13 Datapuwa't kung maghahanda ka, ay anyayahan
mo ang mga dukha, ang mga pingkaw, ang mga pilay, ang
mga bulag, 14 At magiging mapalad ka; sapagka't wala
silang sukat ikaganti sa iyo: sapagka't gagantihin sa iyo sa
pagkabuhay na maguli ng mga ganap. 15 At nang marinig ito
ng isa sa nangakaupong kasalo niya sa dulang, ay sinabi sa
kaniya, Mapalad ang kakain ng tinapay sa kaharian ng Dios.
16 Datapuwa't sinabi niya sa kaniya, May isang naghanda ng
isang malaking hapunan; at marami siyang inanyayahan: 17
At sa panahon ng paghapon ay sinugo niya ang kaniyang
alipin, upang sabihin sa mga inanyayahan, Magsiparito
kayo; sapagka't ang lahat ng mga bagay ay nahahanda
na. 18 At silang lahat na parang iisa ay nangagpasimulang
nangagdahilan. Sa kaniya'y sinabi ng una, Bumili ako
ng isang bukid, at kailangan akong umalis at tingnan;
ipinamamanhik ko sa iyo na pagpaumanhinan mo ako. 19 At
sinabi ng iba, Bumili ako ng limang magkatuwang na bakang

lalake, at paroroon ako upang sila'y subukin; ipinamamanhik
ko sa iyo na pagpaumanhinan mo ako. **20** At sinabi ng iba,
Bago akong kasal, at kaya nga hindi ako makaparoroon. **21**
At dumating ang alipin, at isinaysay ang mga bagay na ito
sa kaniyang panginoon. Nang magkagayon, sa galit ng puno
ng sangbahayan ay sinabi sa kaniyang alipin, Pumaroon
kang madali sa mga lansangan at sa mga daang makikipot
ng bayan, at dalhin mo rito ang mga dukha, at ang mga
pingkaw, at ang mga bulag, at ang mga pilay. **22** At sinabi ng
alipin, panginoon, nagawa na ang ipinagutos mo, at gayon
ma'y maluwag pa. **23** At sinabi ng panginoon sa alipin,
Pumaroon ka sa mga daan at sa mga bakuran, at pilitin mo
silang magsipasok, upang mapuno ang aking bahay. **24**
Sapagka't sinasabi ko sa inyo na alin man sa mga taong
inanyayahan ay hindi makatitikim ng aking hapunan. **25**
Nagsisama nga sa kaniya ang lubhang maraming tao; at
siya'y lumingon at sa kanila'y sinabi, **26** Kung ang sinomang
tao'y pumaparito sa akin, at hindi napopoot sa kaniyang
sariling ama, at ina, at asawang babae, at mga anak, at
mga kapatid na lalake, at mga kapatid na babae, oo, at pati
sa kaniyang sariling buhay man, ay hindi siya maaaring
maging alagad ko. **27** Sinomang hindi nagdadala ng kaniyang
sariling krus, at sumusunod sa akin, ay hindi maaaring
maging alagad ko. **28** Sapagka't alin sa inyo, ang kung ibig
magtayo ng isang moog, ay hindi muna uupo at tatayahin
ang halagang magugugol kung mayroong maipagtatapos?
**29** Baka kung mailagay na niya ang patibayan, at hindi
matapos, ang lahat ng mga makakita ay mangagpasimulang
siya'y libakin, **30** Na sabihin, Nagpasimula ang taong ito
na magtayo, at hindi nakayang tapusin. **31** O aling hari, na
kung sasalubong sa pakikidigma sa ibang hari, ay hindi
muna uupo at sasangguni kung makahaharap siya na may
sangpung libo sa dumarating na laban sa kaniya na may
dalawangpung libo? **32** O kung hindi, samantalang malayo
pa ang isa, ay magsusugo siya ng isang sugo, at hihilingin
ang mga kailangan sa pagkakasundo. **33** Kaya nga sinoman
sa inyo na hindi tumanggi sa lahat niyang tinatangkilik,
ay di maaaring maging alagad ko. **34** Mabuti nga ang
asin: datapuwa't kung ang asin ay tumabang, ay ano ang
ipagpapaalat? **35** Walang kabuluhang maging sa lupa kahit
sa tapunan man ng dumi: itinatapon sa labas. Ang may mga
pakinig upang ipakinig, ay makinig.

**15** Nagsisilapit nga sa kaniya ang lahat ng mga maniningil
ng buwis at makasalanan upang makinig sa kaniya.
**2** At ang mga Fariseo at gayon din ang mga eskriba ay
nangagbubulongbulungan, na nangagsasabi, Tinatanggap
ng taong ito ang mga makasalanan, at sumasalo sa
kanila. **3** At sinalita niya sa kanila ang talinghagang ito,
na sinasabi, **4** Aling tao sa inyo, na kung mayroong isang
daang tupa, at mawala ang isa sa mga yaon ay hindi iiwan
ang siyam na pu't siyam sa ilang, at hahanapin ang nawala,
hanggang sa ito'y kaniyang masumpungan? **5** At pagka
nasumpungan niya, ay pinapasan niya sa kaniyang balikat,
na natutuwa. **6** At paguwi niya sa tahanan, ay titipunin
niya ang kaniyang mga kaibigan at ang kaniyang mga
kapitbahay, na sasabihin sa kanila, Makipagkatuwa kayo sa
akin, sapagka't nasumpungan ko ang aking tupang nawala.
**7** Sinasabi ko sa inyo, na gayon din magkakatuwa sa langit
dahil sa isang makasalanang nagsisisi, kay sa siyam na
pu't siyam na taong matutuwid na di nangagkakailangang
magsipagsisi. **8** O aling babae na may sangpung putol na
pilak, na kung mawalan siya ng isang putol, ay hindi baga
magpapaningas ng isang ilawan, at wawalisan ang bahay,
at hahanaping masikap hanggang sa ito'y masumpungan
niya? **9** At pagka nasumpungan niya, ay titipunin niya ang
kaniyang mga kaibigan at mga kapitbahay, na sinasabi,
Makipagkatuwa kayo sa akin, sapagka't nasumpungan ko
ang isang putol na nawala sa akin. **10** Gayon din, sinasabi
ko sa inyo, na may tuwa sa harapan ng mga anghel ng Dios,
dahil sa isang makasalanang nagsisisi. **11** At sinabi niya, May
isang tao na may dalawang anak na lalake: **12** At sinabi sa
kaniyang ama ng bunso, Ama, ibigay mo sa akin ang bahagi
ng iyong kayamanang nauukol sa akin. At binahagi niya
sa kanila ang kaniyang pagkabuhay. **13** At hindi nakaraan
ang maraming araw, ay tinipong lahat ng anak na bunso
ang ganang kaniya, at naglakbay sa isang malayong lupain;
at doo'y inaksaya ang kaniyang kabuhayan sa palunging
pamumuhay. **14** At nang magugol na niyang lahat, ay
nagkaroon ng isang malaking kagutom sa lupaing yaon;
at siya'y nagpasimulang mangailangan. **15** At pumaroon
siya at nakisama sa isa sa mga mamamayan sa lupaing
yaon; at sinugo niya siya sa kaniyang mga parang, upang
magpakain ng mga baboy. **16** At ibig sana niyang mabusog
ang kaniyang tiyan ng mga ipa na kinakain ng mga baboy:
at walang taong magbigay sa kaniya. **17** Datapuwa't nang
siya'y makapagisip ay sinabi niya, Ilang mga alilang upahan
ng aking ama ang may sapat at lumalabis na pagkain, at ako
rito'y namamatay ng gutom? **18** Magtitindig ako at paroroon
sa aking ama, at aking sasabihin sa kaniya, Ama, nagkasala
ako laban sa langit, at sa iyong paningin: **19** Hindi na ako
karapatdapat na tawaging anak mo: gawin mo akong tulad
sa isa sa iyong mga alilang upahan. **20** At siya'y nagtindig, at
pumaroon sa kaniyang ama. Datapuwa't samantalang nasa
malayo pa siya, ay natanawan na siya ng kaniyang ama,
at nagdalang habag, at tumakbo, at niyakap siya sa leeg,
at siya'y hinagkan. **21** At sinabi ng anak sa kaniya, Ama,
nagkasala ako laban sa langit, at sa iyong paningin: hindi
na ako karapatdapat na tawaging anak mo. **22** Datapuwa't

sinabi ng ama sa kaniyang mga alipin, Dalhin ninyo ritong
madali ang pinakamabuting balabal, at isuot ninyo sa kaniya;
at lagyan ninyo ng singsing ang kaniyang kamay, at mga
panyapak ang kaniyang mga paa: **23** At kunin ninyo ang
pinatabang guya, at inyong patayin, at tayo'y magsikain,
at mangagkatuwa: **24** Sapagka't patay na ang anak kong
ito, at muling nabuhay; siya'y nawala, at nasumpungan. At
sila'y nangagpasimulang mangagkatuwa. **25** Nasa bukid
nga ang anak niyang panganay: at nang siya'y dumating
at malapit sa bahay, ay narinig niya ang tugtugan at ang
sayawan. **26** At pinalapit niya sa kaniya ang isa sa mga
alipin, at itinanong kung ano kaya ang mga bagay na yaon.
**27** At sinabi niya sa kaniya, Dumating ang kapatid mo; at
pinatay ng iyong ama ang pinatabang guya, dahil sa siya'y
tinanggap niya na ligtas at magaling. **28** Datapuwa't nagalit
siya, at ayaw pumasok: at lumabas ang kaniyang ama, at
siya'y namanhik sa kaniya. **29** Datapuwa't siya'y sumagot at
sinabi sa kaniyang ama, Narito, maraming taon nang kita'y
pinaglilingkuran, at kailan ma'y hindi ako sumuway sa iyong
utos; at gayon ma'y hindi mo ako binigyan kailan man ng
isang maliit na kambing, upang ipakipagkatuwa ko sa aking
mga kaibigan: **30** Datapuwa't nang dumating itong anak
mong umubos ng iyong pagkabuhay sa mga patutot, ay
ipinagpatay mo siya ng pinatabang guya. **31** At sinabi niya
sa kaniya, Anak, ikaw ay palaging nasa akin, at iyo ang
lahat ng akin. **32** Datapuwa't karapatdapat mangagkatuwa at
mangagsaya tayo: sapagka't patay ang kapatid mong ito, at
muling nabuhay; at nawala, at nasumpungan.

**16** At sinabi rin naman niya sa mga alagad, May isang
taong mayaman, na may isang katiwala; at ito'y
isinumbong sa kaniya na siya'y nagsisira ng kaniyang mga
pag-aari. **2** At tinawag niya siya, at sa kaniya'y sinabi, Ano
ito na nababalitaan ko tungkol sa iyo? magbigay sulit ka ng
pagiging katiwala; sapagka't hindi ka na maaaring maging
katiwala pa. **3** At sinabi ng katiwala sa kaniyang sarili,
Anong gagawin ko, yamang inaalis sa akin ng panginoon
ko ang pagiging katiwala? Magdukal ng lupa'y wala akong
kaya; magpalimos ay nahihiya ako. **4** Nalalaman ko na
ang gagawin ko, upang, kung mapaalis ako sa pagiging
katiwala, ako ay matanggap nila sa kanilang mga bahay.
**5** At pagtawag niya sa bawa't isa sa mga may utang sa
kaniyang panginoon, ay sinabi niya sa una, Gaano ang
utang mo sa aking panginoon? **6** At sinabi niya, Isang
daang takal na langis. At sinabi niya sa kaniya, Abutin
mo ang iyong kasulatan, at maupo kang madali at isulat
mong limangpu. **7** Nang magkagayon ay sinabi niya sa
iba, At ikaw, gaano ang utang mo? At sinabi niya, Isang
daang takal na trigo. Sinabi niya sa kaniya, Abutin mo ang
iyong kasulatan, at isulat mong walongpu. **8** At pinuri ng
kaniyang panginoon ang lilong katiwala, sapagka't siya'y
gumawang may katalinuhan: sapagka't ang mga anak ng
sanglibutang ito, sa kanilang sariling lahi, ay matatalino kay
sa mga anak ng ilaw. **(aiōn g165)** **9** At sinabi ko sa inyo,
Makipagkaibigan kayo sa pamamagitan ng kayamanan ng
kasamaan; upang, kung kayo'y magkulang, ay kanilang
tanggapin kayo sa mga walang hanggang tabernakulo.
**(aiōnios g166)** **10** Ang mapagtapat sa kakaunti ay mapagtapat
din naman sa marami: at ang di matuwid sa kakaunti ay
di rin naman matuwid sa marami. **11** Kung kayo nga'y di
naging mapagtapat sa masamang kayamanan, sino nga
ang magkakatiwala sa inyo ng mga tunay na kayamanan?
**12** At kung di kayo naging mapagtapat sa kayamanan ng
iba, sino ang sa inyo'y magbibigay ng sa inyong sarili. **13**
Walang aliping makapaglilingkod sa dalawang panginoon:
sapagka't kapopootan niya ang isa, at iibigin ang ikalawa;
o di kaya'y magtatapat sa isa, at pawawalang halaga ang
ikalawa. Hindi kayo makapaglilingkod sa Dios at sa mga
kayamanan. **14** At ang mga Fariseo, na pawang maibigin sa
salapi, ay nangakikinig ng lahat ng mga bagay na ito; at
siya'y tinutuya nila. **15** At sinabi niya sa kanila, Kayo ang
nangagaaring-ganap sa inyong sarili sa paningin ng mga
tao; datapuwa't nakikilala ng Dios ang inyong mga puso;
sapagka't ang dinadakila ng mga tao ay kasuklamsuklam sa
paningin ng Dios. **16** Ang kautusan at ang mga propeta ay
nanatili hanggang kay Juan: mula noo'y ang evangelio ng
kaharian ng Dios ay ipinangangaral, at ang bawa't tao ay
pumapasok doon na nagpipilit. **17** Nguni't lubhang magaan
pa ang mangawala ang langit at ang lupa, kay sa mahulog
ang isang kudlit ng kautusan. **18** Ang bawa't lalaki na
inihihiwalay ang kaniyang asawa, at magasawa sa iba,
ay nagkakasala ng pangangalunya: at ang magasawa sa
babaing inihiwalay ng kaniyang asawa ay nagkakasala ng
pangangalunya. **19** Mayroon ngang isang taong mayaman,
at siya'y nagdaramit ng kulay ube at maselang lino, at sa
araw-araw ay kumakain ng sagana: **20** At isang pulubi na
ang pangala'y Lazaro, lipos ng mga sugat, ay inilalagay sa
kaniyang pintuan, **21** At naghahangad na mapakain ng mga
mumo na nangahuhulog mula sa dulang ng mayaman; oo, at
lumapit pati ang mga aso at hinihimuran ang kaniyang mga
sugat. **22** At nangyari, na namatay ang pulubi at siya'y dinala
ng mga anghel sa sinapupunan ni Abraham: at namatay
naman ang mayaman, at inilibing. **23** At sa Hades na nasa
mga pagdurusa ay itiningin niya ang kaniyang mga mata,
at natanaw sa malayo si Abraham, at si Lazaro ay nasa
kaniyang sinapupunan. **(Hadēs g86)** **24** At siya'y sumigaw at
sinabi, Amang Abraham, maawa ka sa akin, at suguin mo si
Lazaro, upang itubog niya sa tubig ang dulo ng kaniyang
daliri, at palamigin ang aking dila; sapagka't naghihirap ako

sa alab na ito. 25 Datapuwa't sinabi ni Abraham, Anak,
alalahanin mo na ikaw ay tumanggap ng iyong mabubuting
bagay sa iyong pamumuhay, at si Lazaro sa gayon ding
paraan ay masasamang bagay: datapuwa't ngayon, ay
inaaliw siya rini, at ikaw ay nasa kahirapan. 26 At bukod sa
lahat ng ito, ay may isang malaking banging nakalagay sa
pagitan namin at ninyo, upang ang mga magibig tumawid
buhat dini hanggang sa inyo ay hindi maari, at gayon din
walang makatawid mula diyan hanggang sa amin. 27 At
sinabi niya, Ipinamamanhik ko nga sa iyo, ama, na suguin
mo siya sa bahay ng aking ama; 28 Sapagka't ako'y may
limang kapatid na lalake; upang sa kanila'y patotohanan niya,
baka pati sila'y mangaparito sa dakong ito ng pagdurusa. 29
Datapuwa't sinabi ni Abraham, Nasa kanila si Moises at ang
mga propeta; bayaang sila'y pakinggan nila. 30 At sinabi
niya, Hindi amang Abraham: datapuwa't kung ang isang mula
sa mga patay ay makaparoon sa kanila, sila'y mangagsisisi.
31 At sinabi niya sa kaniya, Kung di nila pinakikinggan si
Moises at ang mga propeta, ay di rin mangahihikayat sila,
kahit ang isa'y magbangon sa mga patay.

**17** At sinabi niya sa kaniyang mga alagad Hindi mangyayari
na di dumating ang mga kadahilanan ng pagkakatisod;
datapuwa't sa aba niyaong pinanggalingan. 2 Mabuti pa sa
kaniya kung bitinan ang kaniyang leeg ng isang gilingang
bato, at siya'y ihagis sa dagat, kay sa siya'y magpatisod sa
isa sa maliliit na ito. 3 Mangagingat kayo sa inyong sarili:
kung magkasala ang iyong kapatid, sawayin mo siya; at
kung siya'y magsisi, patawarin mo siya. 4 At kung siya'y
makapitong magkasala sa isang araw laban sa iyo, at
makapitong magbalik sa iyo na sasabihin, Pinagsisisihan ko;
patawarin mo siya. 5 At sinabi ng mga apostol sa Panginoon,
Dagdagan mo ang pananampalataya namin. 6 At sinabi ng
Panginoon, Kung mangagkaroon kayo ng pananampalataya
na kasing laki ng isang butil ng binhi ng mostasa, sasabihin
ninyo sa puno ng sikomorong ito, Mabunot ka, at matanim
ka sa dagat; at kayo'y tatalimahin. 7 Datapuwa't sino sa
inyo, ang may isang aliping nagaararo o nagaalaga ng mga
tupa, na pagbabalik niyang galing sa bukid ay magsasabi
sa kaniya, Parito ka agad at maupo ka sa dulang ng
pagkain; 8 At hindi sasabihin sa kaniya, Ipaghanda mo
ako ng mahahapunan, at magbigkis ka, at paglingkuran
mo ako, hanggang sa ako'y makakain at makainom; at
saka ka kumain at uminom? 9 Nagpapasalamat baga
siya sa alipin sapagka't ginawa ang iniutos sa kaniya? 10
Gayon din naman kayo, pagka nangagawa na ninyo ang
lahat ng mga bagay na sa inyo'y iniutos, inyong sabihin,
Mga aliping walang kabuluhan kami; ginawa namin ang
katungkulan naming gawin. 11 At nangyari, na samantalang
sila'y napapatungo sa Jerusalem, na siya'y nagdaraan sa
mga hangganan ng Samaria at Galilea. 12 At sa pagpasok
niya sa isang nayon, ay sinalubong siya ng sangpung lalaking
ketongin, na nagsitigil sa malayo: 13 At sila'y nagsisigaw
na nagsisipagsabi, Jesus, Guro, maawa ka sa amin. 14 At
pagkakita niya sa kanila, ay sinabi niya sa kanila, Magsihayo
kayo at kayo'y pakita sa mga saserdote. At nangyari, na
samantalang sila'y nagsisiparoon, ay nangalinis sila. 15
At isa sa kanila, nang makita niyang siya'y gumaling, ay
nagbalik, na niluluwalhati ang Dios ng malakas na tinig; 16 At
siya'y nagpatirapa sa kaniyang paanan, na nagpapasalamat
sa kaniya: at siya'y isang Samaritano. 17 At pagsagot
ni Jesus ay nagsabi, Hindi baga sangpu ang nagsilinis?
datapuwa't saan nangaroon ang siyam? 18 Walang nagbalik
upang lumuwalhati sa Dios, kundi itong taga ibang lupa? 19
At sinabi niya sa kaniya, Magtindig ka, at yumaon ka sa
iyong lakad: pinagaling ka ng iyong pananampalataya. 20
At palibhasa'y tinanong siya ng mga Fariseo, kung kailan
darating ang kaharian ng Dios, ay sinagot niya sila at sinabi,
Ang kaharian ng Dios ay hindi paririto na mapagkikita: 21 Ni
sasabihin man nila, Naririto! o Naririyan! sapagka't narito,
ang kaharian ng Dios ay nasa loob ninyo. 22 At sinabi niya
sa mga alagad, Darating ang mga araw, na hahangarin
ninyong makita ang isa sa mga araw ng Anak ng tao, at
hindi ninyo makikita. 23 At sasabihin nila sa inyo, Naririyan!
Naririto! huwag kayong magsisiparoon, ni magsisisisunod
man sa kanila: 24 Sapagka't gaya ng kidlat, na pagkislap
buhat sa isang panig ng silong ng langit, ay nagliliwanag
hanggang sa kabilang panig ng silong ng langit; gayon
din naman ang Anak ng tao sa kaniyang kaarawan. 25
Datapuwa't kailangan muna siyang magbata ng maraming
bagay at itakuwil ng lahing ito. 26 At kung paano ang
nangyari sa mga kaarawan ni Noe, ay gayon din naman
ang mangyayari sa mga kaarawan ng Anak ng tao. 27
Sila'y nagsisikain, sila'y nagsisiinom, sila'y nangagaasawa,
at sila'y pinapagaasawa, hanggang sa araw na pumasok sa
daong si Noe, at dumating ang paggunaw, at nilipol silang
lahat. 28 Gayon din naman kung paano ang nangyari sa
mga kaarawan ni Lot; sila'y nagsisikain, sila'y nagsisiinom,
sila'y nagsisibili, sila'y nangagbibili, sila'y nangagtatanim,
sila'y nangagtatayo ng bahay. 29 Datapuwa't nang araw
na umalis sa Sodoma si Lot, ay umulan mula sa langit
ng apoy at asupre, at nilipol silang lahat: 30 Gayon din
naman ang mangyayari sa araw na ang Anak ng tao ay
mahayag. 31 Sa araw na yaon, ang mapapasa bubungan, at
nasa bahay ng kaniyang mga pag-aari, ay huwag silang
manaog upang kunin: at ang nasa bukid ay gayon din,
huwag siyang umuwi. 32 Alalahanin ninyo ang asawa ni Lot.
33 Sinomang nagsisikap ingatan ang kaniyang buhay ay
mawawalan nito: datapuwa't ang sinomang mawalan ng

kaniyang buhay ay maiingatan yaon. 34 Sinasabi ko sa inyo,
Sa gabing yaon ay dalawang lalake ang sasa isang higaan;
ang isa'y kukunin, at ang isa'y iiwan. 35 Magkasamang
gigiling ang dalawang babae; kukunin ang isa, at ang isa'y
iiwan. 36 Mapapasa bukid ang dalawang lalake; ang isa'y
kukunin at ang isa'y iiwan. 37 At pagsagot nila ay sinabi sa
kaniya, Saan, Panginoon? At sinabi niya sa kanila, Kung
saan naroon ang bangkay ay doon din naman magkakatipon
ang mga uwak.

**18** At sinalita niya sa kanila ang isang talinghaga,
na sila'y dapat magsipanalanging lagi, at huwag
manganglupaypay; 2 Na sinasabi, May isang hukom sa
isang bayan, na hindi natatakot sa Dios, at walang taong
pinagpipitaganan: 3 At sa bayang yaon ay may isang babaing
bao; at siya'y naparoroong madalas sa kaniya, na sinasabi,
Iganti mo ako sa aking kaalit. 4 At may ilang panahon
na siya'y tumatanggi: datapuwa't pagkatapos ay sinabi sa
kaniyang sarili, Bagaman di ako natatakot sa Dios, at di
nagpipitagan sa tao: 5 Gayon man, sapagka't nililigalig ako
ng baong ito, ay igaganti ko siya, baka niya ako bagabagin
ng kapaparito. 6 At sinabi ng Panginoon, Pakinggan ninyo
ang sinabi ng likong hukom. 7 At hindi baga, igaganti ng
Dios ang kaniyang mga hirang, na sumisigaw sa kaniya sa
araw at gabi, at siya'y may pagpapahinuhod sa kanila? 8
Sinasabi ko sa inyo, na sila'y madaling igaganti niya. Gayon
ma'y pagparito ng Anak ng tao, makakasumpong kaya siya
ng pananampalataya sa lupa? 9 At kaniyang sinalita naman
ang talinghagang ito sa nagsisiasa sa kanilang sarili, na
nangagpapanggap na sila'y matutuwid, at pinawawalang
halaga ang lahat ng mga iba: 10 May dalawang lalaking
nagsipanhik sa templo upang magsipanalangin; ang isa'y
Fariseo, at ang isa'y maniningil ng buwis. 11 Ang Fariseo
ay nakatayo at nanalangin sa kaniyang sarili ng ganito,
Dios, pinasasalamatan kita, na hindi ako gaya ng ibang mga
tao, na mga manglulupig, mga liko, mga mapangalunya, o
hindi man lamang gaya ng maniningil ng buwis na ito. 12
Makalawa akong nagaayuno sa isang linggo; nagbibigay
ako ng ikapu ng lahat kong kinakamtan. 13 Datapuwa't ang
maniningil ng buwis, na nakatayo sa malayo, ay ayaw na
itingin man lamang ang kaniyang mga mata sa langit, kundi
dinadagukan ang kaniyang dibdib, na sinasabi, Dios, ikaw
ay mahabag sa akin, na isang makasalanan. 14 Sinasabi ko
sa inyo, Nanaog at umuwi sa kaniyang bahay ang taong
ito na inaaaringganap kay sa isa: sapagka't ang bawa't
nagmamataas sa kaniyang sarili ay mabababa; datapuwa't
ang nagpapakababa sa kaniyang sarili ay matataas. 15 At
dinala naman nila sa kaniya ang kanilang mga sanggol,
upang kaniyang hipuin sila; datapuwa't nang mangakita
ito ng mga alagad, ay sila'y sinaway nila. 16 Datapuwa't
pinalapit sila ni Jesus sa kaniya, na sinasabi, Pabayaan
ninyong magsilapit sa akin ang maliliit na bata, at huwag
ninyo silang pagbawalan: sapagka't sa mga ganito nauukol
ang kaharian ng Dios. 17 Katotohanang sinasabi ko sa inyo,
Sinomang hindi tumanggap ng kaharian ng Dios na gaya ng
isang maliit na bata, ay hindi siya papasok doon sa anomang
paraan. 18 At tinanong siya ng isang pinuno, na sinasabi,
Mabuting Guro, anong gagawin ko upang magmana ng
walang hanggang buhay? (aiōnios g166) 19 At sinabi sa kaniya
ni Jesus, Bakit mo ako tinatawag na mabuti? walang mabuti,
kundi isa, ang Dios lamang. 20 Talastas mo ang mga utos,
Huwag kang mangalunya, Huwag kang pumatay, Huwag
kang magnakaw, Huwag kang sumaksi sa di katotohanan,
Igalang mo ang iyong ama at ina. 21 At sinabi niya, Ginanap
ko ang lahat ng mga bagay na ito buhat pa sa aking
pagkabata. 22 At nang marinig ito ni Jesus, ay sinabi niya sa
kaniya, Isang bagay pa ang kulang sa iyo: ipagbili mo ang
lahat mong tinatangkilik, at ipamahagi mo sa mga dukha, at
magkakaroon ka ng kayamanan sa langit: at pumarito ka,
sumunod ka sa akin. 23 Datapuwa't nang marinig niya ang
mga bagay na ito, siya'y namanglaw na lubha; sapagka't
siya'y totoong mayaman. 24 At sa pagmamasid sa kaniya ni
Jesus ay sinabi, Pagkahiraphirap na makapasok sa kaharian
ng Dios ang mga may kayamanan! 25 Sapagka't magaan pa
sa isang kamelyo ang pumasok sa butas ng isang karayom,
kay sa isang taong mayaman na pumasok sa kaharian
ng Dios. 26 At sinabi ng mga nakarinig nito, Sino nga
kaya ang makaliligtas? 27 Datapuwa't sinabi niya, Ang mga
bagay na di mangyayari sa mga tao ay may pangyayari
sa Dios. 28 At sinabi ni Pedro, Narito, iniwan namin ang
aming sarili, at nagsisunod sa iyo. 29 At sinabi niya sa
kanila, Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Walang taong
nagiwan ng bahay, o asawang babae, o mga kapatid, o mga
magulang o mga anak, dahil sa kaharian ng Dios, 30 Na
di tatanggap ng makapupung higit sa panahong ito, at sa
sanglibutang darating, ng walang hanggang buhay. (aiōn g165,
aiōnios g166) 31 At isinama niya ng bukod ang labingdalawa,
at sa kanila'y sinabi, Narito, nagsisiahon tayo sa Jerusalem,
at ang lahat ng mga bagay na isinulat ng mga propeta ay
mangagaganap sa Anak ng tao. 32 Sapagka't siya'y ibibigay
sa mga Gentil, at siya'y aalimurahin, at duduwahaginin, at
luluraan. 33 At kanilang papaluin at papatayin siya: at sa
ikatlong araw ay muling magbabangon siya. 34 At wala
silang napagunawa sa mga bagay na ito; at ang sabing ito
ay nalingid sa kanila, at hindi nila napagtalastas ang sinabi.
35 At nangyari, na nang nalalapit na sila sa Jerico, isang
bulag ay nakaupo sa tabi ng daan na nagpapalimos: 36 At
pagkarinig na nagdaraan ang maraming tao, ay itinanong
niya kung ano ang ibig sabihin noon. 37 At sinabi nila sa

kaniya, na nagdaraan si Jesus na taga Nazaret. **38** At siya'y
nagsisigaw, na sinasabi, Jesus, ikaw na anak ni David,
mahabag ka sa akin. **39** At siya'y sinaway ng nangasa
unahan, upang siya'y tumahimik: datapuwa't siya'y lalong
nagsisigaw, Ikaw na anak ni David, mahabag ka sa akin. **40**
At si Jesus ay tumigil, at ipinagutos na dalhin siya sa kaniya:
at nang mailapit siya, ay itinanong niya sa kaniya, **41** Anong
ibig mo na sa iyo'y gawin ko? At sinabi niya, Panginoon, na
tanggapin ko ang aking paningin. **42** At sinabi sa kaniya ni
Jesus, Tanggapin mo ang iyong paningin: pinagaling ka ng
pananampalataya mo. **43** At pagdaka'y tinanggap niya ang
kaniyang paningin, at sumunod sa kaniya, na niluluwalhati
ang Dios: at pagkakita nito ng buong bayan, ay nangagpuri
sa Dios.

**19** At siya'y pumasok at nagdaan sa Jerico. **2** At narito,
isang lalake na tinatawag sa pangalang Zaqueo; at
siya'y isang puno ng mga maniningil ng buwis, at siya'y
mayaman. **3** At pinagpipilitan niyang makita si Jesus kung
sino kaya siya; at hindi mangyari, dahil sa maraming tao,
sapagka't siya'y pandak. **4** At tumakbo siya sa unahan,
at umakyat sa isang punong kahoy na sikomoro upang
makita siya: sapagka't siya'y magdaraan sa daang yaon.
**5** At nang dumating si Jesus sa dakong yaon, ay siya'y
tumingala, at sinabi sa kaniya, Zaqueo, magmadali ka,
at bumaba ka; sapagka't ngayo'y kinakailangang ako'y
tumuloy sa bahay mo. **6** At siya'y nagmadali, at bumaba, at
tinanggap siyang may tuwa. **7** At nang makita nila ito, ay
nangagbulongbulungan silang lahat, na nangagsasabi, Siya'y
pumasok na nanunuluyan sa isang taong makasalanan. **8**
At si Zaqueo ay nagtindig, at sinabi sa Panginoon, Narito,
Panginoon, ang kalahati ng aking mga pag-aari ay ibinibigay
ko sa mga dukha; at kung sakali't nakasingil akong may
daya sa kanino mang tao, ay isinasauli ko ng makaapat.
**9** At sinabi sa kaniya ni Jesus, Dumating sa bahay na ito
ngayon ang pagkaligtas, sapagka't siya'y anak din naman
ni Abraham. **10** Sapagka't ang Anak ng tao ay naparito
upang hanapin at iligtas ang nawala. **11** At samantalang
pinakikinggan nila ang mga bagay na ito, ay dinugtungan
niya at sinalita ang isang talinghaga, sapagka't siya'y malapit
na sa Jerusalem, at sapagka't kanilang inakala na pagdaka'y
mahahayag ang kaharian ng Dios. **12** Sinabi nga niya,
Isang mahal na tao ay naparoon sa isang malayong lupain,
upang tumanggap ng isang kaharian na ukol sa kaniyang
sarili, at magbalik. **13** At tinawag niya ang sangpu sa
kaniyang mga alipin at binigyan sila ng sangpung mina, at
sinabi sa kanila, Ipangalakal ninyo ito hanggang sa ako'y
dumating. **14** Datapuwa't kinapopootan siya ng kaniyang
mga mamamayan, at ipinahabol siya sa isang sugo, na
nagsasabi, Ayaw kami na ang taong ito'y maghari pa sa
amin. **15** At nangyari, na nang siya'y muling magbalik, nang
matanggap na ang kaharian, ay ipinatawag niya sa kaniyang
harapan ang mga aliping yaon, na binigyan niya ng salapi,
upang maalaman niya kung gaano ang kanilang tinubo sa
pangangalakal. **16** At dumating sa harapan niya ang una, na
nagsasabi, Panginoon, nagtubo ang iyong mina ng sangpung
mina pa. **17** At sinabi niya sa kaniya, Mabuting gawa, ikaw
na mabuting alipin: sapagka't nagtapat ka sa kakaunti,
magkaroon ka ng kapamahalaan sa sangpung bayan. **18** At
dumating ang ikalawa, na nagsasabi, Panginoon, nagtubo
ang iyong mina ng limang mina. **19** At sinabi niya sa kaniya,
Magkaroon ka naman ng kapamahalaan sa limang bayan.
**20** At dumating ang iba pa, na nagsasabi, Panginoon, narito
ang iyong mina, na aking itinago sa isang panyo: **21** Dahil
sa ako'y natakot sa iyo, sapagka't ikaw ay taong mabagsik
kinukuha mo ang hindi mo inilagay, at ginagapas mo ang
hindi mo inihasik. **22** Sinabi niya sa kaniya, Sa sariling bibig
mo kita hinahatulan ikaw na masamang alipin. Nalalaman
mo na ako'y taong mabagsik, na kumukuha ng hindi ko
inilagay, at gumagapas ng hindi ko inihasik; **23** Kung gayon,
bakit hindi mo inilagay ang salapi ko sa bangko, at nang sa
aking pagbalik ay mahingi ko yaon pati ng tinubo? **24** At
sinabi niya sa mga nahaharap, Alisin ninyo sa kaniya ang
mina, at ibigay ninyo sa may sangpung mina. **25** At sinabi
nila sa kaniya, Panginoon, siya'y mayroong sangpung mina.
**26** Sinasabi ko sa inyo, na bibigyan ang bawa't mayroon;
datapuwa't ang wala, pati ng nasa kaniya ay aalisin sa
kaniya. **27** Datapuwa't itong aking mga kaaway, na ayaw na
ako'y maghari sa kanila, ay dalhin ninyo rito, at patayin ninyo
sila sa harapan ko. **28** At nang masabi niyang gayon, ay
nagpatuloy siya sa unahan, na umahon sa Jerusalem. **29** At
nangyari, na nang siya'y malapit na sa Betfage at Betania,
sa bundok na tinatawag na Olivo, ay sinugo niya ang dalawa
sa kaniyang mga alagad, **30** Na sinasabi, Magsiyaon kayo sa
inyong lakad sa katapat na nayon; sa pagpasok ninyo roon,
ay masusumpungan ninyo ang isang nakatali na batang
asno, na hindi pa nasasakyan ng sinomang tao: kalagin
ninyo siya, at dalhin ninyo siya rito. **31** At kung may sinomang
tumanong sa inyo, Bakit ninyo kinakalag iyan? ganito ang
inyong sasabihin, Kinakailangan siya ng Panginoon. **32**
At nagsiparoon ang mga sugo at nasumpungan ng ayon
sa sinabi niya sa kanila. **33** At nang kinakalag nila ang
batang asno, ay sinabi sa kanila ng mga mayari niyaon,
Bakit kinakalag ninyo ang batang asno? **34** At sinabi nila,
Kinakailangan siya ng Panginoon. **35** At dinala nila siya kay
Jesus: at inilagay nila ang kanilang mga damit sa ibabaw
ng batang asno, at isinakay nila si Jesus sa ibabaw noon.
**36** At samantalang siya'y lumalakad, ay inilalatag nila ang
kanilang mga damit sa daan. **37** At nang nalalapit siya sa

libis ng bundok ng mga Olivo, ang buong karamihan ng mga
alagad ay nangagpasimulang mangagkatuwa at mangagpuri
sa Dios ng malakas na tinig dahil sa lahat ng mga gawang
makapangyarihan na kanilang mangakita. **38** Na sinasabi,
Mapalad ang Hari na pumaparito sa pangalan ng Panginoon:
kapayapaan sa langit, at kaluwalhatian sa kataastaasan. **39**
At ilan sa mga Fariseo na mula sa karamihan ay nangagsabi
sa kaniya, Guro, sawayin mo ang iyong mga alagad. **40**
At sumagot siya at nagsabi, Sinasabi ko sa inyo na kung
hindi mangagsiimik ang mga ito, ang mga bato'y sisigaw.
**41** At nang malapit na siya, nakita niya ang bayan, at ito'y
kaniyang tinangisan, **42** Na sinasabi, Kung sa araw na ito
ay nakilala mo sana, sa iyong sarili, ang mga bagay na
nauukol sa iyong kapayapaan! datapuwa't ngayo'y pawang
nangatatago sa iyong mga mata. **43** Sapagka't darating sa
iyo ang mga araw, na babakuran ka ng kuta ng mga kaaway
mo, at kukubkubin ka, at gigipitin ka sa magkabikabila, **44**
At ilulugso ka sa lupa, at ang mga anak mo na nasa loob
mo; at sa iyo'y hindi sila magiiwan ng bato sa ibabaw ng
kapuwa bato; sapagka't hindi mo nakilala ang panahon
ng sa iyo'y pagdalaw. **45** At pumasok siya sa templo, at
pinasimulang itaboy sa labas ang mga nangagbibili, **46** Na
sinasabi sa kanila, Nasusulat nga, At ang aking bahay ay
magiging bahay-panalanginan: datapuwa't ginawa ninyong
yungib ng mga tulisan. **47** At nagtuturo siya arawaraw sa
templo. Datapuwa't ang mga pangulong saserdote, at ang
mga eskriba, at ang mga taong pangunahin sa bayan ay
nangagsisikap na siya'y patayin: **48** At di nila masumpungan
kung ano ang kanilang magagawa; sapagka't natitigilan ang
buong bayan sa pakikinig sa kaniya.

**20** At nangyari, sa isa sa mga araw, samantalang
tinuturuan niya ang bayan sa templo, at ipinangangaral
ang evangelio, na nagsilapit sa kaniya ang mga saserdote, at
ang mga eskriba pati ng matatanda; **2** At sila'y nangagsalita,
na nangagsasabi sa kaniya, Sabihin mo sa amin: Sa anong
kapamahalaan ginagawa mo ang mga bagay na ito? o sino
ang nagbigay sa iyo ng kapamahalaang ito? **3** At siya'y
sumagot, at sinabi sa kanila, Tatanungin ko naman kayo
ng isang tanong; at sabihin ninyo sa akin: **4** Ang bautismo
ni Juan, ay mula baga sa langit, o sa mga tao? **5** At sila'y
nangagkatuwiranan, na nangagsasabi, Kung sabihin natin,
Mula sa langit; ay sasabihin niya, Bakit hindi ninyo siya
pinaniwalaan? **6** Datapuwa't kung sabihin natin, Mula sa
mga tao; ay babatuhin tayo ng buong bayan, sapagka't sila'y
nananiniwala na si Juan ay propeta. **7** At sila'y nagsisagot,
na hindi nila nalalaman kung saan mula. **8** At sinabi sa kanila
ni Jesus, Hindi ko rin naman sasabihin sa inyo kung sa anong
kapamahalaan ginagawa ko ang mga bagay na ito. **9** At
siya'y nagpasimulang magsabi sa bayan ng talinghagang ito:
Nagtanim ang isang tao ng isang ubasan, at ipinagkatiwala
sa mga magsasaka, at napasa ibang lupain na mahabang
panahon. **10** At sa kapanahunan ay nagsugo siya ng isang
alipin sa mga magsasaka, upang siya'y bigyan ng bunga
ng ubas: datapuwa't hinampas siya ng mga magsasaka, at
pinauwing walang dala. **11** At nagsugo pa siya ng ibang alipin:
at ito nama'y kanilang hinampas, at inalimura, at pinauwing
walang dala. **12** At nagsugo pa siya ng ikatlo: at kanila ring
sinugatan ito, at pinalayas. **13** At sinabi ng panginoon ng
ubasan, Anong gagawin ko? aking susuguin ang minamahal
kong anak; marahil siya'y igagalang nila. **14** Datapuwa't nang
makita siya ng mga magsasaka, ay nangagsangusapan
sila, na sinasabi, Ito ang tagapagmana; atin siyang patayin
upang ang mana ay maging atin. **15** At itinaboy nila siya
sa ubasan, at pinatay siya. Ano nga kaya ang gagawin
sa kanila ng panginoon ng ubasan? **16** Paroroon siya at
pupuksain niya ang mga magsasakang ito, at ibibigay ang
ubasan sa mga iba. At nang marinig nila ito, ay sinabi
nila, Huwag nawang mangyari. **17** Datapuwa't kaniyang
tinitigan sila, at sinabi, Ano nga baga ito na nasusulat, Ang
batong itinakuwil ng nangagtatayo ng gusali. Ay siya ring
ginawang pangulo sa panulok? **18** Ang bawa't mahulog sa
ibabaw ng batong yaon ay madudurog; datapuwa't sinomang
kaniyang malagpakan, ay kaniyang pangangalating gaya ng
alabok. **19** At pinagsisikapan siyang hulihin sa oras ding
yaon ng mga eskriba at ng mga pangulong saserdote; at
sila'y nangatatakot sa bayan: sapagka't nahalata nila na
sinabi niya ang talinghagang ito laban sa kanila. **20** At siya'y
inaabangan nila, at sila'y nangagsugo ng mga tiktik, na
nangagpakunwaring mga matuwid, upang siya'y mahuli sa
kaniyang salita, na siya'y maibigay sa pamiminuno at sa
kapamahalaan ng gobernador. **21** At kanilang tinanong siya,
na sinasabi, Guro, nalalaman namin na ikaw ay nagsasabi at
nagtuturo ng matuwid, at wala kang itinatanging tao, kundi
itinuturo mo ang katotohanan ng daan ng Dios. **22** Matuwid
bagang kami ay bumuwis kay Cesar, o hindi? **23** Datapuwa't
napagkilala niya ang kanilang lalang, at sinabi sa kanila,
**24** Pagpakitaan ninyo ako ng isang denario. Kanino ang
larawan at ang nasusulat dito? At sinabi nila, Kay Cesar.
**25** At sinabi niya sa kanila, Kung gayo'y ibigay ninyo kay
Cesar ang kay Cesar, at ang sa Dios ang sa Dios. **26** At
sila'y hindi nakahuli sa kaniyang mga pananalita sa harap
ng bayan: at sila'y nanganggilalas sa kaniyang sagot, at
hindi nangagsiimik. **27** At may lumapit sa kaniyang ilan sa
mga Saduceo, na nagsisipagsabi na walang pagkabuhay
na maguli; **28** At kanilang itinanong sa kaniya, na sinasabi,
Guro, isinulat sa amin ni Moises, na kung ang kapatid na
lalake ng isang lalake ay mamatay, na may asawa, at siya'y
walang anak, ay kunin ng kaniyang kapatid ang asawa, at

bigyang anak ang kaniyang kapatid. **29** Mayroon ngang
pitong lalaking magkakapatid: at nagasawa ang panganay,
at namatay na walang anak; **30** At ang pangalawa: **31** At ang
pangatlo'y nagasawa sa bao; at gayon din ang pito naman ay
hindi nagiwan ng mga anak, at nangamatay. **32** Pagkatapos
ay namatay naman ang babae. **33** Sa pagkabuhay na
maguli nga, kanino sa kanila magiging asawa kaya ang
babaing yaon? sapagka't siya'y naging asawa ng pito. **34**
At sinabi sa kanila ni Jesus, Nagsisipagasawa ang mga
anak ng sanglibutang ito, at pinapagaasawa: **(aiōn g165)** **35**
Datapuwa't ang mga inaaring karapatdapat magkamit ng
sanlibutang yaon, at ng pagkabuhay na maguli sa mga
patay, ay hindi mangagaasawa, ni papagaasawahin: **(aiōn
g165)** **36** Sapagka't hindi na sila maaaring mangamatay pa:
sapagka't kahalintulad na sila ng mga anghel; at sila'y mga
anak ng Dios, palibhasa'y mga anak ng pagkabuhay na
maguli. **37** Datapuwa't tungkol sa pagbabangon ng mga
patay, ay ipinakilala rin naman ni Moises sa Mababang
punong kahoy, nang tinawag niya ang Panginoon na Dios ni
Abraham, at Dios ni Isaac, at Dios ni Jacob. **38** Siya nga'y
hindi Dios ng mga patay, kundi ng mga buhay: sapagka't
nangabubuhay sa kaniya ang lahat. **39** At pagsagot ng ilan
sa mga eskriba, ay nangagsabi, Guro, mabuti ang pagkasabi
mo. **40** Sapagka't hindi na nga sila nangahas tumanong
pa sa kaniya ng anomang tanong. **41** At kaniyang sinabi
sa kanila, Paanong sinasabi nila na ang Cristo ay anak ni
David? **42** Sapagka't si David din ang nagsasabi sa aklat ng
Mga Awit, Sinabi ng Panginoon sa aking Panginoon; Maupo
ka sa aking kanan, **43** Hanggang sa gawin ko ang iyong
mga kaaway na tuntungan ng iyong mga paa. **44** Dahil dito
tinatawag siyang Panginoon ni David, at paanong siya'y
anak niya? **45** At sinabi niya sa kaniyang mga alagad, na
naririnig ng buong bayan, **46** Mangagingat kayo sa mga
eskriba na ibig magsilakad na may mahahabang damit,
at iniibig nila ang sila'y pagpugayan sa mga pamilihan, at
ang mga pangulong upuan sa mga sinagoga, at ang mga
pangulong dako sa mga pigingan; **47** Na sinasakmal nila
ang mga bahay ng mga babaing bao, at sa pagpakunwaring
banal ay nanalangin ng mahaba: ang mga ito'y tatanggap ng
lalong malaking kahatulan.

**21** At siya'y tumunghay, at nakita ang mga taong
mayayaman na nangaghuhulog ng kanilang mga alay
sa kabangyaman. **2** At nakita niya ang isang dukhang
babaing bao na doo'y naghuhulog ng dalawang lepta. **3**
At sinabi niya, Sa katotohana'y sinasabi ko sa inyo, Ang
dukhang babaing baong ito ay naghulog ng higit kay sa
kanilang lahat. **4** Sapagka't ang lahat ng mga yaon ay
nangaghulog sa mga alay ng sa kanila'y labis; datapuwa't
siya, sa kaniyang kasalatan ay inihulog ang buong kaniyang
ikabubuhay na nasa kaniya. **5** At samantalang sinasalita ng
ilan ang tungkol sa templo, kung paanong ito'y pinalamutihan
ng magagandang bato at mga hain, ay kaniyang sinabi, **6**
Tungkol sa mga bagay na ito na inyong nangakikita, ay
darating ang mga araw, na walang maiiwan ditong isang bato
sa ibabaw ng kapuwa bato, na hindi ibabagsak. **7** At kanilang
itinanong sa kaniya, na sinasabi, Guro, kailan nga mangyayari
ang mga bagay na ito? At ano ang magiging tanda pagka
malapit ng mangyari ang mga bagay na ito? **8** At sinabi niya,
Mangagingat kayo na huwag kayong mangailigaw: sapagka't
marami ang paririto sa aking pangalan, na mangagsasabi,
Ako ang Cristo; at, Malapit na ang panahon: huwag kayong
magsisunod sa kanila. **9** At pagka kayo'y nangakarinig
ng mga digmaan at mga kaguluhan, ay huwag kayong
mangasindak: sapagka't kinakailangang mangyari muna ang
mga bagay na ito; datapuwa't hindi pa malapit ang wakas.
**10** Nang magkagayo'y sinabi niya sa kanila, Magtitindig ang
isang bansa laban sa bansa, at ang isang kaharian laban
sa kaharian; **11** At magkakaroon ng malalakas na lindol,
at sa iba't ibang dako ay magkakagutom at magkakasalot;
at magkakaroon ng mga bagay na kakilakilabot, at ng
mga dakilang tanda mula sa langit. **12** Datapuwa't bago
mangyari ang lahat ng mga bagay na ito, ay huhulihin kayo,
at paguusigin kayo, na kayo'y ibibigay sa mga sinagoga
at sa mga bilangguan, na kayo'y dadalhin sa harapan ng
mga hari at mga gobernador dahil sa aking pangalan. **13**
Ito'y magiging patotoo sa inyo. **14** Pagtibayin nga ninyo ang
inyong mga puso, na huwag munang isipin kung paano ang
inyong isasagot: **15** Sapagka't bibigyan ko kayo ng isang
bibig at karunungan, na hindi mangyayaring masalangsang
o matutulan man ng lahat ninyong mga kaalit. **16** Datapuwa't
kayo'y ibibigay ng kahit mga magulang, at mga kapatid, at
mga kamaganak, at mga kaibigan; at ipapapatay nila ang iba
sa inyo. **17** At kayo'y kapopootan ng lahat ng mga tao dahil
sa aking pangalan. **18** At hindi mawawala kahit isang buhok
ng inyong ulo. **19** Sa inyong pagtitiis ay maipagwawagi ninyo
ang inyong mga kaluluwa. **20** Datapuwa't pagka nangakita
ninyong nakukubkob ng mga hukbo ang Jerusalem, kung
magkagayo'y talastasin ninyo na ang kaniyang pagkawasak
ay malapit na. **21** Kung magkagayo'y ang mga nasa Judea
ay magsitakas sa mga bundok; at ang mga nasa loob ng
bayan ay magsilabas; at ang mga nasa parang ay huwag
magsipasok sa bayan. **22** Sapagka't ito ang mga araw ng
paghihiganti, upang maganap ang lahat ng mga bagay
na nangasusulat. **23** Sa aba ng mga nagdadalangtao, at
ng mga nagpapasuso sa mga araw na yaon! sapagka't
magkakaroon ng malaking kahapisan sa ibabaw ng lupa,
at kagalitan sa bayang ito. **24** At sila'y mangabubuwal sa
pamamagitan ng talim ng tabak, at dadalhing bihag sa lahat

ng mga bansa: at yuyurakan ang Jerusalem ng mga Gentil,
hanggang sa matupad ang mga panahon ng mga Gentil. 25
At magkakaroon ng mga tanda sa araw at buwan at mga
bituin; at sa lupa'y magkakaroon ng kasalatan sa mga bansa,
na matitilihan dahil sa ugong ng dagat at mga daluyong; 26
Magsisipanglupaypay ang mga tao dahil sa takot, at dahil
sa paghihintay ng mga bagay na darating sa ibabaw ng
sanglibutan: sapagka't mangangatal ang mga kapangyarihan
sa mga langit. 27 At kung magkagayo'y makikita nila ang
Anak ng tao na pariritong nasa isang alapaap na may
kapangyarihan at dakilang kaluwalhatian. 28 Datapuwa't
kung magpasimulang mangyari ang mga bagay na ito,
ay magsitingin kayo, at itaas ninyo ang inyong mga ulo;
sapagka't malapit na ang pagkatubos ninyo. 29 At sinalita
niya sa kanila ang isang talinghaga: Masdan ninyo ang
puno ng igos at ang lahat ng mga punong kahoy: 30 Pagka
nangagdadahon na sila, ay nakikita ninyo at nalalaman ninyo
sa inyong sarili na malapit na ang tagaraw. 31 Gayon din
naman kayo, pagka nangakita ninyong nangyari ang mga
bagay na ito, talastasin ninyo na malapit na ang kaharian ng
Dios. 32 Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Hindi lilipas ang
lahing ito, hanggang sa maganap ang lahat ng mga bagay.
33 Ang langit at ang lupa ay lilipas: datapuwa't ang aking
mga salita ay hindi lilipas. 34 Datapuwa't mangagingat kayo
sa inyong sarili, baka mangalugmok ang inyong mga puso
sa katakawan, at sa kalasingan, at sa mga pagsusumakit
ukol sa buhay na ito, at dumating na bigla sa inyo ang
araw na yaon na gaya ng silo: 35 Sapagka't gayon darating
sa kanilang lahat na nangananahan sa ibabaw ng buong
lupa. 36 Datapuwa't mangagpuyat kayo sa bawa't panahon,
na mangagsidaing, upang kamtin ninyo ang makatakas
sa lahat ng mga bagay na ito na mangyayari, at upang
mangakatayo kayo sa harapan ng Anak ng tao. 37 At araw-
araw ay nagtuturo siya sa templo; at lumalabas gabi-gabi
at tumatahan sa bundok na tinatawag na Olivo. 38 At ang
buong bayan ay maagang pumaparoon sa kaniya sa templo,
upang makinig sa kaniya.

22 Malapit na nga ang pista ng mga tinapay na walang
lebadura, na tinatawag na Paskua. 2 At pinagsisikapan
ng mga pangulong saserdote at ng mga eskriba kung
paanong kanilang maipapapatay siya; sapagka't nangatatakot
sila sa bayan. 3 At pumasok si Satanas kay Judas, na
tinatawag na Iscariote, na kabilang sa labingdalawa. 4 At
siya'y umalis, at nakipagusap sa mga pangulong saserdote
at mga punong kawal kung paanong maibibigay niya siya sa
kanila. 5 At sila'y nangagalak, at pinagkasunduang bigyan
siya ng salapi. 6 At pumayag siya, at humanap ng ukol na
panahon upang kaniyang maibigay siya sa kanila, nang hindi
kaharap ang karamihan. 7 At dumating ang araw ng mga
tinapay na walang lebadura, na noon ay kinakailangang
ihain ang paskua. 8 At sinugo niya si Pedro at si Juan,
na sinasabi, Magsihayo kayo at magsipaghanda kayo ng
kordero ng paskua para sa atin, upang tayo'y magsikain.
9 At kanilang sinabi sa kaniya, Saan mo ibig na aming
ihanda? 10 At kaniyang sinabi sa kanila, Narito, pagpasok
ninyo sa bayan, ay masasalubong ninyo ang isang lalake
na may dalang isang bangang tubig; sundan ninyo siya
hanggang sa bahay na kaniyang papasukan. 11 At sasabihin
ninyo sa puno ng sangbahayan, Sinasabi ng Guro sa iyo,
Saan naroon ang tuluyang aking makakanan ng kordero ng
paskua na kasalo ng aking mga alagad? 12 At ituturo niya
sa inyo ang isang malaking silid sa itaas na nagagayakan:
doon ninyo ihanda. 13 At nagsiparoon sila, at nasumpungan
ayon sa sinabi niya sa kanila: at inihanda nila ang kordero
ng paskua. 14 At nang dumating ang oras, ay naupo siya, at
ang mga apostol ay kasalo niya. 15 At sinabi niya sa kanila,
Pinakahahangad kong kanin na kasalo ninyo ang kordero ng
paskuang ito bago ako maghirap: 16 Sapagka't sinasabi ko
sa inyo, Ito'y hindi ko kakanin, hanggang sa ito'y maganap
sa kaharian ng Dios. 17 At siya'y tumanggap ng isang
saro, at nang siya'y makapagpasalamat, ay sinabi niya,
Kunin ninyo ito, at inyong pagbahabahaginin: 18 Sapagka't
sinasabi ko sa inyo, na hindi na ako iinom mula ngayon
ng bunga ng ubas, hanggang sa dumating ang kaharian
ng Dios. 19 At siya'y dumampot ng tinapay, at nang siya'y
makapagpasalamat, ay kaniyang pinagputolputol, at ibinigay
sa kanila, na sinasabi, Ito'y aking katawan, na ibinibigay
dahil sa inyo: gawin ninyo ito sa pagaalaala sa akin. 20
Gayon din naman ang saro, pagkatapos na makahapon,
na sinasabi, Ang sarong ito'y ang bagong tipan sa aking
dugo, na nabubuhos nang dahil sa inyo. 21 Datapuwa't
narito, ang kamay ng nagkakanulo sa akin, ay kasalo ko sa
dulang. 22 Sapagka't ang Anak ng tao nga ay yayaon, ayon
sa itinakda: datapuwa't sa aba niyaong taong nagkakanulo
sa kaniya! 23 At sila'y nagpasimulang nangagtanungan sa
isa't isa, kung sino sa kanila ang gagawa ng bagay na ito.
24 At nagkaroon naman ng isang pagtatalotalo sa gitna nila,
kung sino kaya sa kanila ang ibibilang na pinakadakila. 25 At
kaniyang sinabi sa kanila, Ang mga hari ng mga Gentil ay
napapanginoon sa kanila; at ang mga may kapamahalaan
sa kanila'y tinatawag na mga Tagapagpala. 26 Datapuwa't
sa inyo'y hindi gayon: kundi bagkus ang lalong dakila sa
inyo ay maging tulad sa lalong bata; at ang nangungulo ay
maging gaya ng naglilingkod. 27 Sapagka't alin ang lalong
dakila, ang nakaupo baga sa dulang, o ang naglilingkod?
hindi baga ang nakaupo sa dulang? datapuwa't ako'y nasa
gitna ninyo na gaya niyaong naglilingkod. 28 Datapuwa't
kayo ay yaong nagsipanatili sa akin sa mga pagtukso sa

akin; 29 At kayo'y inihahalal kong isang kaharian, na gaya
nga ng pagkahalal sa akin ng aking Ama, 30 Upang kayo'y
magsikain at magsiinom sa aking dulang sa kaharian ko; at
kayo'y magsisiupo sa mga luklukan, na inyong huhukuman
ang labingdalawang angkan ni Israel. 31 Simon, Simon,
narito, hiningi ka ni Satanas upang ikaw ay maliglig niyang
gaya ng trigo: 32 Datapuwa't ikaw ay ipinamanhik ko, na
huwag magkulang ang iyong pananampalataya; at ikaw,
kung makapagbalik ka nang muli, ay papagtibayin mo ang
iyong mga kapatid. 33 At sinabi niya sa kaniya, Panginoon,
nakatalaga akong sumama sa iyo sa bilangguan at sa
kamatayan. 34 At kaniyang sinabi, Sinasabi ko sa iyo,
Pedro, na hindi titilaok ngayon ang manok, hanggang sa
ikaila mong makaitlo na ako'y hindi mo nakikilala. 35 At
sinabi niya sa kanila, Nang kayo'y suguin ko na walang
supot ng salapi, at supot ng pagkain, at mga pangyapak,
kinulang baga kayo ng anoman? At kanilang sinabi, Hindi.
36 At sinabi niya sa kanila, Nguni't ngayon, ang mayroong
supot ng salapi ay dalhin ito, at gayon din ang supot ng
pagkain; at ang wala, ay ipagbili niya ang kaniyang balabal,
at bumili ng isang tabak. 37 Sapagka't sinasabi ko sa inyo,
na kinakailangang matupad sa akin itong nasusulat, At
ibinilang siya sa mga suwail: sapagka't ang nauukol sa akin
ay may katuparan. 38 At sinabi nila, Panginoon, narito ang
dalawang tabak. At sinabi niya sa kanila, Sukat na. 39 At
siya'y lumabas, at pumaroon, ayon sa kaniyang kaugalian,
sa bundok ng mga Olivo; at nagsisunod naman sa kaniya
ang mga alagad. 40 At nang siya'y dumating sa dakong
yaon, ay sinabi niya sa kanila, Magsipanalangin kayo nang
huwag kayong magsipasok sa tukso. 41 At siya'y humiwalay
sa kanila na may agwat na isang itsang bato; at siya'y
nanikluhod at nanalangin, 42 Na sinasabi, Ama, kung ibig
mo, ilayo mo sa akin ang sarong ito: gayon ma'y huwag
mangyari ang aking kalooban, kundi ang iyo. 43 At napakita
sa kaniya ang isang anghel na mula sa langit, na nagpalakas
sa kaniya. 44 At nang siya'y nanglulumo ay nanalangin siya
ng lalong maningas; at ang kaniyang pawis ay naging gaya
ng malalaking patak ng dugo na nagsisitulo sa lupa. 45 At
nang magtindig siya sa kaniyang pananalangin, ay lumapit
siya sa mga alagad, at naratnan silang nangatutulog dahil
sa hapis, 46 At sinabi sa kanila, Bakit kayo nangatutulog?
mangagbangon kayo at magsipanalangin, upang huwag
kayong magsipasok sa tukso. 47 Samantalang nagsasalita
pa siya, narito, ang isang karamihan, at siyang tinatawag na
Judas, na isa sa labingdalawa, ay nangunguna sa kanila; at
siya'y lumapit kay Jesus upang ito'y hagkan. 48 Datapuwa't
sinabi ni Jesus sa kaniya, Judas, sa isang halik baga ay
ipinagkakanulo mo ang Anak ng tao? 49 At nang makita
ng mga kasama niya ang mangyayari, ay kanilang sinabi,
Panginoon, magsisipanaga baga kami ng tabak? 50 At tinaga
ng isa sa kanila ang alipin ng dakilang saserdote, at tinigpas
ang kanang tainga niya. 51 Datapuwa't sumagot si Jesus, na
nagsabi, Pabayaan ninyo sila hanggang dito. At hinipo niya
ang tainga ng alipin, at ito'y pinagaling. 52 At sinabi ni Jesus
sa mga pangulong saserdote, at sa mga punong kawal sa
templo, at sa mga matanda, na nagsidating laban sa kaniya,
Kayo'y nagsilabas, na tila laban sa isang tulisan, na may
mga tabak at mga panghampas? 53 Nang ako'y kasama
ninyo sa templo araw-araw, ay hindi ninyo iniunat ang inyong
mga kamay laban sa akin; datapuwa't ito ang inyong oras, at
ang kapangyarihan ng kadiliman. 54 At kanilang dinakip
siya, at dinala siya, at ipinasok siya sa bahay ng pangulong
saserdote. Datapuwa't sa malayo'y sumusunod si Pedro. 55
At nang makapagpadikit nga sila ng apoy sa gitna ng looban,
at mangakaupong magkakasama, si Pedro ay nakiumpok
sa gitna nila. 56 At isang alilang babae, na nakakakita sa
kaniya samantalang siya'y nakaupo sa liwanag ng apoy, ay
tinitigan siya, at sinabi, Ang taong ito ay kasama rin niya. 57
Datapuwa't siya'y nagkaila, na nagsasabi, Babae, hindi ko
siya nakikilala. 58 At pagkaraan ng isang sangdali ay nakita
siya ng iba, at sinabi, Ikaw man ay isa sa kanila. Datapuwa't
sinabi ni Pedro, Lalake, ako'y hindi. 59 At nang makaraan ang
may isang oras, ay pinatotohanan ng iba pa, na nagsasabi,
Sa katotohanan, ang taong ito'y kasama rin niya; sapagka't
siya'y Galileo. 60 Datapuwa't sinabi ni Pedro, Lalake, hindi ko
nalalaman ang sinasabi mo. At pagdaka, samantalang siya'y
nagsasalita pa, ay tumilaok ang manok. 61 At lumingon ang
Panginoon, at tinitigan si Pedro. At naalaala ni Pedro ang
salita ng Panginoon, kung paanong sinabi niya sa kaniya,
Bago tumilaok ang manok ngayon, ay ikakaila mo akong
makaitlo. 62 At siya'y lumabas, at nanangis ng kapaitpaitan.
63 At nililibak si Jesus, at siya'y sinasaktan ng mga taong
nangagbabantay. 64 At siya'y piniringan nila, at tinatanong
siya, na sinasabi, Hulaan mo; sino ang sa iyo'y humampas?
65 At sinabi nila ang ibang maraming bagay laban sa kaniya,
na siya'y inaalimura. 66 At nang araw na, ay nagkatipon ang
kapulungan ng matatanda sa bayan, ang mga pangulong
saserdote, at gayon din ang mga eskriba, at dinala siya sa
kanilang Sanedrin, na sinasabi, 67 Kung ikaw ang Cristo, ay
sabihin mo sa amin. Datapuwa't sinabi niya sa kanila, Kung
sabihin ko sa inyo, ay hindi ninyo ako paniniwalaan: 68 At
kung kayo'y aking tanungin, ay hindi kayo magsisisagot. 69
Datapuwa't magmula ngayon ang Anak ng tao ay mauupo sa
kanan ng kapangyarihan ng Dios. 70 At sinabi nilang lahat,
Kung gayo'y ikaw baga ang Anak ng Dios? At sinabi niya sa
kanila, Kayo ang nangagsasabi na ako nga. 71 At sinabi
nila, Ano pa ang kailangan natin ng patotoo? sapagka't tayo
rin ang nangakarinig sa kaniyang sariling bibig.

**23** At nagsitindig ang buong kapulungan nila, at dinala
siya sa harap ni Pilato. **2** At nangagpasimula silang
isumbong siya, na sinasabi, Nasumpungan namin ang taong
ito na pinasasama ang aming bansa, at ipinagbabawal
na bumuwis kay Cesar, at sinasabi na siya rin nga ang
Cristo, ang hari. **3** At tinanong siya ni Pilato, na nagsasabi,
Ikaw baga ang Hari ng mga Judio? At sumagot siya at
sinabi, Ikaw ang nagsasabi. **4** At sinabi ni Pilato sa mga
pangulong saserdote at sa mga karamihan, Wala akong
masumpungang kasalanan sa taong ito. **5** Datapuwa't sila'y
lalong nangagpipilit na sinasabi, Ginugulo niya ang bayan, na
nagtuturo sa buong Judea, magbuhat sa Galilea hanggang
sa dakong ito. **6** Datapuwa't nang ito'y marinig ni Pilato, ay
itinanong niya kung ang taong yaon ay Galileo. **7** At nang
maunawa na siya'y nasasakop ni Herodes, ay ipinadala
niya siya kay Herodes, na nang mga araw na yaon ay nasa
Jerusalem din naman. **8** Nang makita nga ni Herodes si
Jesus, ay nagalak siyang lubha: sapagka't malaon nang
hinahangad niya na makita siya, sapagka't siya'y nakabalita
tungkol sa kaniya; at siya'y naghihintay na makakita ng ilang
himalang gawa niya. **9** At tinanong niya siya ng maraming
salita; datapuwa't siya'y hindi sumagot ng anoman. **10** At ang
mga pangulong saserdote at mga eskriba ay nagsitindig, na
isinusumbong siyang mainam. **11** At si Herodes na kasama
ang kaniyang mga kawal ay inalimura siya, at siya'y nilibak,
at sinuutan siya ng maringal na damit, at ipinabalik siya kay
Pilato. **12** At nang araw ding yaon ay naging magkaibigan si
Herodes at si Pilato: sapagka't dating sila'y nagkakagalit. **13**
At tinipon ni Pilato ang mga pangulong saserdote, at ang
mga pinuno at ang bayan, **14** At sinabi sa kanila, Dinala
ninyo sa akin ang taong ito na gaya ng isang nagpapasama
sa bayan: at narito, nang aking siyasatin siya sa harapan
ninyo, ay wala akong nasumpungang anomang sala sa taong
ito, tungkol sa mga bagay na isinusumbong ninyo laban
sa kaniya; **15** Wala, kahit si Herodes man; sapagka't siya'y
ipinabalik niyang muli sa atin; at narito, walang anomang
karapatdapat sa kamatayan na ginawa niya. **16** Siya nga'y
aking parurusahan, at siya'y pawawalan. **17** Kinakailangan
nga niyang sa kanila'y magpakawala ng isang bilanggo sa
kapistahan. **18** Datapuwa't silang lahat ay nagsisigawang
paminsan, na nangagsabi, Alisin mo ang taong ito, at
pawalan mo sa amin si Barrabas: **19** Isa na ibinilanggo dahil
sa isang paghihimagsik na ginawa sa bayan, at sa pagpatay.
**20** At si Pilato'y nagsalitang muli sa kanila, sa pagnanais
na pawalan si Jesus; **21** Datapuwa't sila'y nagsigawan, na
sinasabi, Ipako sa krus, ipako siya sa krus. **22** At kaniyang
sinabi sa kanila, na bilang ikatlo, Bakit, anong masama ang
ginawa ng taong ito? Wala akong nasumpungang anomang
kadahilanang ipatay sa kaniya: parurusahan ko nga siya, at
siya'y pawawalan. **23** Datapuwa't pinipilit nilang hingin sa
malalakas na tinig, na siya'y ipako sa krus. At nanaig ang
kanilang mga tinig. **24** At hinatulan ni Pilato na gawin ang
kanilang hinihingi, **25** At pinawalan niya yaong ibinilanggo
dahil sa paghihimagsik at sa pagpatay, na siyang kanilang
hiningi; datapuwa't ibinigay si Jesus sa kalooban nila. **26** At
nang siya'y kanilang dalhin ay kanilang pinigil ang isang
Simong taga Cirene, na nanggaling sa bukid, at ipinasan
sa kaniya ang krus, upang dalhin sa likuran ni Jesus. **27**
At siya'y sinusundan ng isang makapal na karamihan sa
bayan, at ng mga babaing nagiiyakan at nananambitan dahil
sa kaniya. **28** Datapuwa't paglingon sa kanila ni Jesus ay
sinabi, Mga anak na babae ng Jerusalem, huwag ninyo
akong tangisan, kundi tangisan ninyo ang inyong sarili, at
ang inyong mga anak. **29** Sapagka't narito, darating ang mga
araw, na kanilang sasabihin, Mapapalad ang mga baog,
at ang mga tiyang kailan ma'y hindi nangagdalang-tao, at
ang mga dibdib na kailan man ay hindi nangagpapasuso.
**30** Kung magkagayon ay magpapasimulang sabihin nila sa
mga bundok, mangahulog kayo sa ibabaw namin; at sa mga
burol, Takpan ninyo kami. **31** Sapagka't kung ginagawa ang
mga bagay na ito sa punong kahoy na sariwa, ano kaya
ang gagawin sa tuyo? **32** At dinala rin naman na kasama
niya, ang dalawang tampalasan, upang patayin. **33** At nang
dumating sa dakong tinatawag na Bungo, ay kanilang ipinako
roon siya sa krus, at ang mga tampalasan, isa sa kanan at
isa sa kaliwa. **34** At sinabi ni Jesus, Ama, patawarin mo
sila; sapagka't hindi nila nalalaman ang kanilang ginagawa.
At sa pagbabahabahagi nila ng kaniyang mga suot ay
kanilang pinagsapalaranan. **35** At nakatayong nanonood ang
bayan. At tinutuya naman siya ng mga pinuno, na sinasabi,
Nagligtas siya sa mga iba; iligtas niya ang kaniyang sarili,
kung ito ang Cristo ng Dios, ang hinirang niya. **36** At nililibak
rin naman siya ng mga kawal, na nagsisilapit sa kaniya, na
dinudulutan siya ng suka, **37** At sinabi, Kung ikaw ang Hari
ng mga Judio, iligtas mo ang iyong sarili. **38** At mayroon
naman sa itaas niya na isang pamagat, ITO'Y ANG HARI
NG MGA JUDIO. **39** At siya'y inalipusta ng isa sa mga
tampalasang nabibitin, na sinasabi, Hindi baga ikaw ang
Cristo? iligtas mo ang iyong sarili at kami. **40** Datapuwa't
sumagot ang isa, at pagsaway sa kaniya'y sinabi, Hindi ka
pa baga natatakot sa Dios, yamang ikaw ay nasa gayon
ding kaparusahan? **41** At tayo sa katotohanan ay ayon
sa katuwiran; sapagka't tinanggap natin ang nararapat na
kabayaran sa ating mga gawa; datapuwa't ang taong ito'y
hindi gumagawa ng anomang masama. **42** At sinabi niya,
Jesus, alalahanin mo ako, pagdating mo sa iyong kaharian.
**43** At sinabi niya sa kaniya, Katotohanang sinasabi ko sa
iyo, Ngayon ay kakasamahin kita sa Paraiso. **44** At nang

may oras na ikaanim na, ay nagdilim sa ibabaw ng buong
lupa, hanggang sa oras na ikasiyam, 45 At nagdilim ang
araw: at nahapak sa gitna ang tabing ng templo. 46 At
si Jesus, na sumigaw ng malakas na tinig, ay nagsabi,
Ama, sa mga kamay mo ay ipinagtatagubilin ko ang aking
espiritu: at pagkasabi nito, ay nalagot ang hininga. 47
At nang makita ng senturion ang nangyari, ay niluwalhati
niya ang Dios na nagsasabi, Tunay na ito'y isang taong
matuwid. 48 At ang lahat ng mga karamihang nangagkatipon
sa panonood nito, pagkakita nila sa mga bagay na nangyari
ay nangagsiuwing dinadagukan ang kanilang mga dibdib. 49
At ang lahat ng mga kakilala niya at ang mga babaing sa
kaniya'y nagsisunod buhat sa Galilea, at nangasa malayo na
pinagmamasdan ang mga bagay na ito. 50 At narito ang
isang lalaking nagngangalang Jose, na isang kasangguni,
isang lalaking mabuti at matuwid: 51 (Siya'y hindi umayon sa
kanilang payo at gawa), isang lalaking taga Arimatea, bayan
ng mga Judio, na naghihintay ng kaharian ng Dios; 52 Ang
taong ito'y naparoon kay Pilato: at hiningi ang bangkay ni
Jesus. 53 At ito'y ibinababa niya, at binalot ng isang kayong
lino, at inilagay sa isang libingang hinukay sa bato, na doo'y
wala pang nalilibing. 54 At noo'y araw ng Paghahanda,
at nalalapit na ang sabbath. 55 At ang mga babae, na
nagsisama sa kaniya mula sa Galilea, ay nagsisunod, at
tiningnan ang libingan, at kung paano ang pagkalagay ng
kaniyang bangkay. 56 At sila'y nagsiuwi, at nangaghanda ng
mga pabango at mga unguento. At nang araw ng sabbath
sila'y nangagpahinga ayon sa utos.

**24** Datapuwa't nang unang araw ng sanglinggo
pagkaumagang-umaga, ay nagsiparoon sila sa libingan,
na may dalang mga pabango na kanilang inihanda. 2
At nasumpungan nilang naigulong na ang bato mula sa
libingan. 3 At sila'y nagsipasok, at hindi nila nangasumpungan
ang bangkay ng Panginoong Jesus. 4 At nangyari, na
samantalang sila'y nangatitilihan dahil dito, narito, tumayo
sa tabi nila ang dalawang lalake na nakasisilaw ang mga
damit: 5 At nang sila'y nangatatakot at nangakatungo ang
kanilang mga mukha sa lupa ay sinabi nila sa kanila, Bakit
hinahanap ninyo ang buhay sa gitna ng mga patay? 6
Wala siya rito, datapuwa't nagbangon: alalahanin ninyo
ang salita niya sa inyo nang siya'y nasa Galilea pa, 7 Na
sinasabi, Kinakailangan na ang Anak ng tao ay ibigay sa
mga kamay ng mga taong makasalanan, at ipako sa krus,
at magbangong muli sa ikatlong araw. 8 At naalaala nila
ang kaniyang mga salita, 9 At nagsibalik mula sa libingan,
at ibinalita ang lahat ng mga bagay na ito sa labingisa, at
sa lahat ng mga iba pa. 10 Sila nga'y si Maria Magdalena,
si Juana, at si Mariang ina ni Santiago: at iba pang mga
babaing kasama nila ang nangagbalita ng mga bagay na
ito sa mga apostol. 11 At ang mga salitang ito'y inakala
nilang walang kabuluhan; at hindi nila pinaniwalaan. 12
Datapuwa't nagtindig si Pedro, at tumakbo sa libingan; at
nang siya'y tumungo pagtingin niya sa loob, ay nakita niya
ang mga kayong lino na nangasa isang tabi; at umuwi siya
sa kaniyang bahay na nanggigilalas sa nangyaring yaon. 13
At narito, dalawa sa kanila ay naparoroon nang araw ding
yaon sa isang nayong ngala'y Emaus, na may anim na pung
estadio ang layo sa Jerusalem. 14 At kanilang pinaguusapan
ang lahat ng mga bagay na nangyari. 15 At nangyari, na
samantalang sila'y naguusap at nagtatanongan, na si Jesus
din ay lumapit, at nakisabay sa kanila. 16 Datapuwa't sa
mga mata nila'y may nakatatakip upang siya'y huwag nilang
makilala. 17 At sinabi niya sa kanila, Ano ang mga salitaan
ninyong ito sa inyong paglalakad? At sila'y nagsitigil, na
nangalulumbay ang mga mukha. 18 At isa sa kanila, na
nagngangalang Cleopas, sa pagsagot ay sinabi sa kaniya,
Ikaw baga'y nakikipamayan lamang sa Jerusalem, at hindi
nakaalam ng mga bagay na doo'y nangyari nang mga araw
na ito? 19 At sinabi niya sa kanila, Anong mga bagay? At
sinabi nila sa kaniya, Ang mga bagay tungkol kay Jesus na
Nazareno, na isang propetang makapangyarihan sa gawa
at sa salita sa harap ng Dios at ng buong bayan: 20 At
kung paano ang pagkabigay sa kaniya ng mga pangulong
saserdote at ng mga pinuno upang hatulan sa kamatayan,
at siya'y ipako sa krus. 21 Datapuwa't hinihintay naming
siya ang tutubos sa Israel. Oo at bukod sa lahat ng mga
ito ay ngayon ang ikatlong araw buhat nang mangyari ang
mga bagay na ito. 22 Bukod sa rito iba sa mga babaing
kasamahan namin na nagsiparoong maaga sa libingan, ay
nakapagtaka sa amin; 23 At nang hindi mangasumpungan
ang kaniyang bangkay, ay nangagbalik sila, na nangagsabing
sila nama'y nakakita ng isang pangitain ng mga anghel, na
nangagsabing siya'y buhay. 24 At nagsiparoon sa libingan
ang ilang kasama namin, at nasumpungan nila alinsunod sa
sinabi ng mga babae: datapuwa't siya'y hindi nila nakita. 25
At sinabi niya sa kanila, Oh mga taong haling, at makukupad
ang mga pusong magsisampalataya sa lahat ng salita ng
mga propeta! 26 Hindi baga kinakailangang si Cristo ay
maghirap ng mga bagay na ito, at pumasok sa kaniyang
kaluwalhatian? 27 At magmula kay Moises at sa mga propeta,
ay ipinaaninaw niya sa kanila ang mga bagay tungkol sa
kaniya sa lahat ng mga kasulatan. 28 At sila'y malapit na sa
nayong kanilang paroroonan: at naganyo siyang wari may
paroroonang lalo pang malayo. 29 At siya'y kanilang pinigil,
na sinasabi, tumuloy ka sa amin, sapagka't gumagabi na, at
kumikiling na ang araw. At pumasok siya upang tumuloy sa
kanila. 30 At nangyari, nang siya'y nakaupo na kasalo nila
sa dulang ng pagkain, ay kaniyang dinampot ang tinapay at

binasbasan; at ito'y pinagputolputol, at ibinigay sa kanila. 31
At nangabuksan ang kanilang mga mata, at siya'y nakilala
nila; at siya'y nawala sa kanilang mga paningin. 32 At sila-
sila'y nangagsabihan, Hindi baga nagaalab ang ating puso
sa loob natin, habang tayo'y kinakausap niya sa daan,
samantalang binubuksan niya sa atin ang mga kasulatan?
33 At sila'y nagsitindig sa oras ding yaon, at nangagbalik sa
Jerusalem, at naratnang nangagkakatipon ang labingisa, at
ang kanilang mga kasama. 34 Na nangagsasabi, Tunay na
nagbangong muli ang Panginoon, at napakita kay Simon,
35 At isinaysay nila ang mga bagay na nangyari sa daan,
at kung paanong siya'y nakilala nila nang pagputolputulin
ang tinapay. 36 At samantalang kanilang pinaguusapan ang
mga bagay na ito, siya rin ay tumayo sa gitna nila, at sa
kanila'y nagsabi, Kapayapaa'y suma inyo. 37 Datapuwa't
sila'y kinilabutan, at nangahintakutan, at inakala nila na
nakakakita sila ng isang espiritu. 38 At sinabi niya sa kanila,
Bakit kayo'y nangagugulumihanan? at bakit nangyayari ang
pagtatalo sa inyong puso? 39 Tingnan ninyo ang aking
mga kamay at ang aking mga paa, ako rin nga: hipuin
ninyo ako, at tingnan; sapagka't ang isang espiritu'y walang
laman at mga buto, na gaya ng inyong nakikita na nasa
akin. 40 At pagkasabi niya nito, ay ipinakita niya sa kanila
ang kaniyang mga kamay at ang kaniyang mga paa. 41 At
samantalang hindi pa sila nagsisisampalataya dahil sa galak,
at nagsisipanggilalas, ay sinabi niya sa kanila, Mayroon
baga kayo ritong anomang makakain? 42 At binigyan nila
siya ng isang putol na isdang inihaw. 43 At kaniyang inabot
yaon, at kumain sa harap nila. 44 At sinabi niya sa kanila,
Ito ang aking mga salitang sinabi ko sa inyo, nang ako'y
sumasa inyo pa, na kinakailangang matupad ang lahat ng
mga bagay na nangasusulat tungkol sa akin sa kautusan
ni Moises, at sa mga propeta, at sa mga awit. 45 Nang
magkagayo'y binuksan niya ang kanilang mga pagiisip,
upang mapagunawa nila ang mga kasulatan; 46 At sinabi
niya sa kanila, Ganyan ang pagkasulat, na kinakailangang
maghirap ang Cristo, at magbangong muli sa mga patay
sa ikatlong araw; 47 At ipangaral sa kaniyang pangalan
ang pagsisisi at pagpapatawad ng mga kasalanan sa lahat
ng mga bansa, magbuhat sa Jerusalem. 48 Kayo'y mga
saksi ng mga bagay na ito. 49 At narito, ipadadala ko sa
inyo ang pangako ng aking Ama, datapuwa't magsipanatili
kayo sa bayan, hanggang sa kayo'y masangkapan ng
kapangyarihang galing sa itaas. 50 At kaniyang dinala sila
sa labas hanggang sa tapat ng Betania: at itinaas niya ang
kaniyang mga kamay, at sila'y binasbasan. 51 At nangyari,
na samantalang sila'y binabasbasan niya, ay iniwan niya
sila; at dinala siya sa itaas sa langit. 52 At siya'y sinamba
nila, at nagsibalik sila sa Jerusalem na may malaking galak:
53 At palaging sila'y nasa templo, na nangagpupuri sa Dios.

# Juan

1 Nang pasimula siya ang Verbo, at ang Verbo ay sumasa
Dios, at ang Verbo ay Dios. 2 Ito rin nang pasimula'y
sumasa Dios. 3 Ang lahat ng mga bagay ay ginawa sa
pamamagitan niya; at alin man sa lahat ng ginawa ay
hindi ginawa kung wala siya. 4 Nasa kaniya ang buhay;
at ang buhay ay siyang ilaw ng mga tao. 5 At ang ilaw
ay lumiliwanag sa kadiliman; at ito'y hindi napagunawa ng
kadiliman. 6 Naparito ang isang tao, na sugong mula sa
Dios, na ang kaniyang pangalan ay Juan. 7 Ito'y naparitong
saksi, upang kaniyang patotohanan ang ilaw, upang sa
pamamagitan niya'y magsisampalataya ang lahat. 8 Hindi
siya ang ilaw, kundi pumarito upang kaniyang patotohanan
ang ilaw. 9 Nagkaroon ng tunay na ilaw, sa makatuwid baga'y
ang ilaw na lumiliwanag sa bawa't tao, na pumaparito sa
sanglibutan. 10 Siya'y nasa sanglibutan, at ang sanglibuta'y
ginawa sa pamamagitan niya, at hindi siya nakilala ng
sanglibutan. 11 Siya'y naparito sa sariling kaniya, at siya'y
hindi tinanggap ng mga sariling kaniya. 12 Datapuwa't ang
lahat ng sa kaniya'y nagsitanggap, ay pinagkalooban niya
sila ng karapatang maging mga anak ng Dios, sa makatuwid
baga'y ang mga nagsisisampalataya sa kaniyang pangalan:
13 Na mga ipinanganak na hindi sa dugo, ni sa kalooban
ng laman, ni sa kalooban ng tao, kundi ng Dios. 14 At
nagkatawang-tao ang Verbo, at tumahan sa gitna natin (at
nakita namin ang kaniyang kaluwalhatian, kaluwalhatian
gaya ng sa bugtong ng Ama), na puspos ng biyaya at
katotohanan. 15 Pinatotohanan siya ni Juan, at sumigaw, na
nagsasabi, Ito yaong aking sinasabi, Ang pumaparitong nasa
hulihan ko ay magiging una sa akin: sapagka't siya'y una sa
akin. 16 Sapagka't sa kaniyang kapuspusan ay nagsitanggap
tayong lahat, at biyaya sa biyaya. 17 Sapagka't ibinigay sa
pamamagitan ni Moises ang kautusan; ang biyaya at ang
katotohanan ay nagsidating sa pamamagitan ni Jesu-cristo.
18 Walang taong nakakita kailan man sa Dios; ang bugtong
na Anak, na nasa sinapupunan ng Ama, siya ang nagpakilala
sa kanya. 19 At ito ang patotoo ni Juan, nang suguin sa
kaniya ng mga Judio mula sa Jerusalem ang mga saserdote
at mga Levita upang sa kaniya'y itanong, Sino ka baga?
20 At kaniyang ipinahayag, at hindi ikinaila; at kaniyang
ipinahayag, Hindi ako ang Cristo. 21 At sa kaniya'y kanilang
itinanong, Kung gayo'y ano nga? Ikaw baga'y si Elias? At
sinabi niya, Hindi ako. Ikaw baga ang propeta? At siya'y
sumagot, Hindi. 22 Sinabi nga nila sa kaniya, Sino ka baga?
Upang ibigay namin ang kasagutan sa nangagsugo sa amin.
Ano ang sinasabi mo tungkol sa iyong sarili? 23 Sinabi
niya, Ako ang tinig ng isang humihiyaw sa ilang, Tuwirin
ninyo ang daan ng Panginoon, gaya ng sinabi ng propeta
Isaias. 24 At sila'y sinugo buhat sa mga Fariseo. 25 At sa
kaniya'y kanilang itinanong, at sinabi sa kaniya, Bakit nga
bumabautismo ka, kung hindi ikaw ang Cristo, ni si Elias, ni
ang propeta? 26 Sila'y sinagot ni Juan, na nagsasabi, Ako'y
bumabautismo sa tubig: datapuwa't sa gitna ninyo'y may
isang nakatayo na hindi ninyo nakikilala, 27 Siya nga ang
pumaparitong sumusunod sa akin, na sa kaniya'y hindi ako
karapatdapat magkalag ng panali ng kaniyang pangyapak.
28 Ang mga bagay na ito'y ginawa sa Betania, sa dako pa
roon ng Jordan, na pinagbabautismuhan ni Juan. 29 Nang
kinabukasan ay nakita ni Juan si Jesus na lumalapit sa
kaniya, at sinabi, Narito, ang Cordero ng Dios, na nagaalis
ng kasalanan ng sanglibutan! 30 Ito yaong aking sinasabi,
Sa hulihan ko'y dumarating ang isang lalake na magiging
una sa akin: sapagka't siya'y una sa akin. 31 At siya'y hindi
ko nakilala; datapuwa't upang siya'y mahayag sa Israel,
dahil dito'y naparito ako na bumabautismo sa tubig. 32 At
nagpatotoo si Juan, na nagsasabi, Nakita ko ang Espiritu na
bumababang tulad sa isang kalapati na buhat sa langit; at
dumapo sa kaniya. 33 At siya'y hindi ko nakilala; datapuwa't
ang nagsugo sa akin upang bumautismo sa tubig, ay siyang
nagsabi sa akin, Ang makita mong babaan ng Espiritu, at
manahan sa kaniya, ay siya nga ang bumabautismo sa
Espiritu Santo. 34 At aking nakita, at pinatotohanan kong ito
ang Anak ng Dios. 35 Nang kinabukasan ay muling nakatayo
si Juan, at ang dalawa sa kaniyang mga alagad; 36 At
kaniyang tiningnan si Jesus samantalang siya'y naglalakad,
at sinabi, Narito, ang Cordero ng Dios! 37 At narinig siyang
nagsalita ng dalawang alagad, at sila'y nagsisunod kay
Jesus. 38 At lumingon si Jesus, at nakita silang nagsisisunod,
at sinabi sa kanila, Ano ang inyong hinahanap? At sinabi
nila sa kaniya, Rabi (na kung liliwanagin, ay Guro), saan
ka tumitira? 39 Sinabi niya sa kanila, Magsiparito kayo, at
inyong makikita. Nagsiparoon nga sila at nakita kung saan
siya tumitira; at sila'y nagsitirang kasama niya nang araw
na yaon: noo'y magiikasangpu na ang oras. 40 Ang isa sa
dalawang nakarinig ng pagsasalita ni Juan, at sumunod
sa kaniya, ay si Andres na kapatid ni Simon Pedro. 41
Una niyang nasumpungan ang kaniyang sariling kapatid
na si Simon, at sa kaniya'y sinabi, Nasumpungan namin
ang Mesias (na kung liliwanagin, ay ang Cristo). 42 Siya'y
kaniyang dinala kay Jesus. Siya'y tiningnan ni Jesus, at
sinabi, Ikaw ay si Simon na anak ni Juan: tatawagin kang
Cefas (na kung liliwanagin, ay Pedro). 43 Nang kinabukasan
ay pinasiyahan niyang pumaroon sa Galilea, at kaniyang
nasumpungan si Felipe: at sa kaniya'y sinabi ni Jesus,
Sumunod ka sa akin. 44 Si Felipe nga ay taga Betsaida, sa
bayan ni Andres at ni Pedro. 45 Nasumpungan ni Felipe si
Natanael, at sinabi sa kaniya, Nasumpungan namin yaong

isinulat ni Moises sa kautusan, at gayon din ng mga propeta,
si Jesus na taga Nazaret, ang anak ni Jose. 46 At sinabi
sa kaniya ni Natanael, Mangyayari bagang lumitaw ang
anomang magaling na bagay sa Nazaret? Sinabi sa kaniya
ni Felipe, Pumarito ka at tingnan mo. 47 Nakita ni Jesus si
Natanael na lumalapit sa kaniya, at sinabi ang tungkol sa
kaniya, Narito, ang isang tunay na Israelita, na sa kaniya'y
walang daya! 48 Sinabi sa kaniya ni Natanael, Saan mo ako
nakilala? Si Jesus ay sumagot at sinabi sa kaniya, Bago
ka tinawag ni Felipe, nang ikaw ay nasa ilalim ng puno ng
igos, ay nakita kita. 49 Sumagot si Natanael sa kaniya,
Rabi, ikaw ang Anak ng Dios; ikaw ang Hari ng Israel. 50 Si
Jesus ay sumagot at sinabi sa kaniya, Dahil baga sa sinabi
ko sa iyo, Kita'y nakita sa ilalim ng puno ng igos, kaya ka
sumasampalataya? makikita mo ang mga bagay na lalong
dakila kay sa rito. 51 At sinabi niya sa kaniya, Katotohanan,
katotohanang sinasabi ko sa iyo, Makikita ninyong bukas
ang langit, at ang mga anghel ng Dios na nagmamanhik-
manaog sa ulunan ng Anak ng tao.

**2** At nang ikatlong araw ay nagkaroon ng isang kasalan
sa Cana ng Galilea; at naroon ang ina ni Jesus: 2 At
inanyayahan din naman si Jesus, at ang kaniyang mga
alagad, sa kasalan. 3 At nang magkulang ng alak, ang ina ni
Jesus ay nagsabi sa kaniya, Wala silang alak. 4 At sinabi sa
kaniya ni Jesus, Babae, anong pakialam ko sa iyo? ang
aking oras ay hindi pa dumarating. 5 Sinabi ng kaniyang ina
sa mga alila, Gawin ninyo ang anomang sa inyo'y kaniyang
sabihin. 6 Mayroon nga roong anim na tapayang bato na
nalalagay alinsunod sa kaugaliang paglilinis ng mga Judio,
na naglalaman ang bawa't isa ng dalawa o tatlong bangang
tubig. 7 Sinabi sa kanila ni Jesus, Punuin ninyo ng tubig ang
mga tapayan. At kanilang pinuno hanggang sa labi. 8 At
sinabi niya sa kanila, Kunin ninyo ngayon, at inyong iharap
sa pangulo ng kapistahan. At kanilang iniharap. 9 At nang
matikman ng pangulo ng kapistahan ang tubig na naging alak
nga, at hindi niya nalalaman kung saan buhat (datapuwa't
nalalaman ng mga alila na nagsikuha ng tubig), ay tinawag
ng pangulo ng kapistahan ang kasintahang lalake, 10 At
sinabi sa kaniya, Ang bawa't tao ay unang inilalagay ang
mabuting alak; at kung mangakainom nang mabuti ang mga
tao, ay saka inilalagay ang pinakamasama: itinira mo ang
mabuting alak hanggang ngayon. 11 Ang pasimulang ito ng
kaniyang mga tanda ay ginawa ni Jesus sa Cana ng Galilea,
at inihayag ang kaniyang kaluwalhatian; at nagsisampalataya
sa kaniya ang kaniyang mga alagad. 12 Pagkatapos nito
ay lumusong siya sa Capernaum, siya, at ang kaniyang
ina, at ang kaniyang mga kapatid, at ang kaniyang mga
alagad; at sila'y nangatira roong hindi maraming araw. 13 At
malapit na ang paskua ng mga Judio, at umahon si Jesus
sa Jerusalem. 14 At nasumpungan niya sa templo yaong
nangagbibili ng mga baka at mga tupa at mga kalapati,
at ang mga mamamalit ng salapi na nangakaupo: 15 At
ginawa niyang isang panghampas ang mga lubid, itinaboy
niyang lahat sa templo, ang mga tupa at gayon din ang
mga baka; at ibinubo niya ang salapi ng mga mamamalit, at
ginulo ang kanilang mga dulang; 16 At sa nangagbibili ng
mga kalapati ay sinabi niya, Alisin ninyo rito ang mga bagay
na ito; huwag ninyong gawin ang bahay ng aking Ama na
bahay-kalakal. 17 Napagalaala ng kaniyang mga alagad na
nasusulat, Kakanin ako ng sikap sa iyong bahay. 18 Ang
mga Judio nga'y nagsisagot at sa kaniya'y sinabi, Anong
tanda ang maipakikita mo sa amin, yamang ginawa mo ang
mga bagay na ito? 19 Sumagot si Jesus at sa kanila'y sinabi,
Igiba ninyo ang templong ito, at aking itatayo sa tatlong
araw. 20 Sinabi nga ng mga Judio, Apat na pu't anim na
taon ang pagtatayo ng templong ito, at itatayo sa tatlong
araw? 21 Datapuwa't sinasalita niya ang tungkol sa templo
ng kaniyang katawan. 22 Nang magbangon na maguli nga
siya sa mga patay, ay naalaala ng kaniyang mga alagad na
sinalita niya ito; at nagsisampalataya sila sa kasulatan, at sa
salitang sinabi ni Jesus. 23 Nang siya nga'y nasa Jerusalem
nang paskua, sa loob ng panahon ng kapistahan, ay marami
ang mga nagsisampalataya sa kaniyang pangalan, pagkakita
ng kaniyang mga tandang ginawa. 24 Datapuwa't si Jesus sa
kaniyang sarili ay hindi rin nagkatiwala sa kanila, sapagka't
nakikilala niya ang lahat ng mga tao, 25 Sapagka't hindi niya
kinakailangan na ang sinoman ay magpatotoo tungkol sa
tao; sapagka't nalalaman nga niya ang isinasaloob ng tao.

**3** May isang lalake nga sa mga Fariseo, na nagngangalang
Nicodemo, isang pinuno ng mga Judio: 2 Ito rin ay
naparoon sa kaniya nang gabi, at sa kaniya'y nagsabi,
Rabi, nalalaman naming ikaw ay isang guro na nagbuhat
sa Dios; sapagka't walang makagagawa ng mga tanda
na iyong ginagawa, maliban na kung sumasa kaniya
ang Dios. 3 Sumagot si Jesus at sa kaniya'y sinabi,
Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa iyo, Maliban
na ang tao'y ipanganak na muli, ay hindi siya makakakita
ng kaharian ng Dios. 4 Sinabi sa kaniya ni Nicodemo,
Paanong maipanganganak ang tao kung siya'y matanda
na? makapapasok baga siyang bilang ikalawa sa tiyan
ng kaniyang ina, at ipanganak? 5 Sumagot si Jesus,
Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa iyo, Maliban
na ang tao'y ipanganak ng tubig at ng Espiritu, ay hindi
siya makapapasok sa kaharian ng Dios. 6 Ang ipinanganak
ng laman ay laman nga; at ang ipinanganak ng Espiritu
ay espiritu nga. 7 Huwag kang magtaka sa aking sinabi
sa iyo, Kinakailangan ngang kayo'y ipanganak na muli.
8 Humihihip ang hangin kung saan niya ibig, at naririnig

mo ang kaniyang ugong, nguni't hindi mo nalalaman kung
saan nanggagaling, at kung saan naparoroon: gayon ang
bawa't ipinanganak ng Espiritu. 9 Sumagot si Nicodemo at
sa kaniya'y sinabi, Paanong pangyayari ng mga bagay na
ito? 10 Sumagot si Jesus at sa kaniya'y sinabi, Ikaw ang
guro sa Israel, at hindi mo nauunawa ang mga bagay na
ito? 11 Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa iyo, Ang
nalalaman namin ay sinasalita namin, at ang aming nakita
ay pinatototohanan namin; at hindi ninyo tinanggap ang
aming patotoo. 12 Kung sinabi ko sa inyo ang mga bagay
na nauukol sa lupa at hindi ninyo pinaniniwalaan, paanong
paniniwalaan ninyo kung sabihin ko sa inyo ang mga bagay
na nauukol sa langit? 13 At walang umakyat sa langit, kundi
ang nanggaling sa langit, sa makatuwid baga'y ang Anak ng
tao, na nasa langit. 14 At kung paanong itinaas ni Moises
sa ilang ang ahas, ay gayon kinakailangang itaas ang
Anak ng tao; 15 Upang ang sinomang sumampalataya ay
magkaroon sa kaniya ng buhay na walang hanggan. **(aiōnios
g166)** 16 Sapagka't gayon na lamang ang pagsinta ng Dios
sa sanglibutan, na ibinigay niya ang kaniyang bugtong na
Anak, upang ang sinomang sa kaniya'y sumampalataya ay
huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang
hanggan. **(aiōnios g166)** 17 Sapagka't hindi sinugo ng Dios ang
Anak sa sanglibutan upang hatulan ang sanglibutan; kundi
upang ang sanglibutan ay maligtas sa pamamagitan niya. 18
Ang sumasampalataya sa kaniya ay hindi hinahatulan; ang
hindi sumasampalataya ay hinatulan na, sapagka't hindi siya
sumampalataya sa pangalan ng bugtong na Anak ng Dios.
19 At ito ang kahatulan, na naparito ang ilaw sa sanglibutan,
at inibig pa ng mga tao ang kadiliman kay sa ilaw; sapagka't
masasama ang kanilang mga gawa. 20 Sapagka't ang bawa't
isa na gumagawa ng masama ay napopoot sa ilaw, at hindi
lumalapit sa ilaw, upang huwag masaway ang kaniyang mga
gawa. 21 Datapuwa't ang gumagawa ng katotohanan ay
lumalapit sa ilaw, upang mahayag na ang kaniyang mga
gawa ay ginawa sa Dios. 22 Pagkatapos ng mga bagay na
ito ay nagsiparoon si Jesus at ang kaniyang mga alagad sa
lupain ng Judea; at doon siya tumira na kasama nila, at
bumabautismo. 23 At bumabautismo rin naman si Juan sa
Enon na malapit sa Salim, sapagka't doo'y maraming tubig:
at sila'y nagsiparoon, at nangabautismuhan. 24 Sapagka't
hindi pa ipinapasok sa bilangguan si Juan. 25 Nagkaroon
nga ng isang pakikipagtalo ang mga alagad ni Juan sa
isang Judio tungkol sa paglilinis. 26 At sila'y nagparoon
kay Juan, at sa kaniya'y sinabi, Rabi, yaong kasama mo
sa dako pa roon ng Jordan, na binigyan mong patotoo,
narito, siya'y bumabautismo, at ang lahat ng mga tao'y
nagsisiparoon sa kaniya. 27 Sumagot si Juan at sinabi,
Hindi makatatanggap ng anoman ang isang tao, malibang
ito'y ipinagkaloob sa kaniya mula sa langit. 28 Kayo man
ay magsisisaksi sa akin, na aking sinabi, Hindi ako ang
Cristo, kundi, na ako'y sinugo sa unahan niya. 29 Ang
nagtatangkilik sa kasintahang babae ay ang kasintahang
lalake: datapuwa't ang kaibigan ng kasintahang lalake, na
nakatayo at nakikinig sa kaniya, ay nagagalak na lubos dahil
sa tinig ng kasintahang lalake: ito ngang aking kaligayahan
ay naganap. 30 Siya'y kinakailangang dumakila, nguni't ako'y
kinakailangang bumaba. 31 Ang nanggagaling sa itaas ay
sumasaibabaw ng lahat: ang galing sa lupa ay taga lupa nga,
at ang ukol sa lupa ang sinasalita niya: ang nanggagaling sa
langit ay sumasaibabaw ng lahat. 32 At kaniyang nakita at
narinig, ay siyang pinatototohanan niya; at walang taong
tumatanggap ng kaniyang patotoo. 33 Ang tumatanggap
ng kaniyang patotoo ay naglagay dito ng kaniyang tatak,
na ang Dios ay totoo. 34 Sapagka't ang sinugo ng Dios
ay nagsasalita ng mga salita ng Dios: sapagka't hindi niya
ibinibigay ang Espiritu sa pamamagitan ng sukat. 35 Sinisinta
ng Ama ang Anak, at inilagay sa kaniyang kamay ang lahat
ng mga bagay. 36 Ang sumasampalataya sa Anak ay may
buhay na walang hanggan; nguni't ang hindi tumatalima sa
Anak ay hindi makakakita ng buhay, kundi ang poot ng Dios
ay sumasa kaniya. **(aiōnios g166)**

**4** Nang maalaman nga ng Panginoon na nabalitaan ng
mga Fariseo na si Jesus ay gumagawa at bumabautismo
ng lalong maraming alagad kay sa kay Juan 2 (Bagaman
hindi bumabautismo si Jesus, kundi ang kaniyang mga
alagad), 3 Nilisan niya ang Judea, at naparoong muli sa
Galilea. 4 At kinakailangang magdaan siya sa Samaria. 5
Sumapit nga siya sa isang bayan ng Samaria, na tinatawag
na Sicar, malapit sa bahagi ng lupang ibinigay ni Jacob kay
Jose na kaniyang anak: 6 At naroon ang balon ni Jacob. Si
Jesus nga, nang napapagod na sa kaniyang paglalakbay, ay
naupong gayon sa tabi ng balon. Magiikaanim na nga ang
oras. 7 Dumating ang isang babaing taga Samaria upang
umigib ng tubig: sa kaniya'y sinabi ni Jesus, Painumin mo
ako. 8 Sapagka't napasa bayan ang kaniyang mga alagad
upang magsibili ng pagkain. 9 Sinabi nga sa kaniya ng
babaing Samaritana, Paano ngang ikaw, na isang Judio, ay
humingi ng maiinom sa akin, na ako'y babaing Samaritana?
(Sapagka't hindi nangakikipagusap ang mga Judio sa mga
Samaritano.) 10 Sumagot si Jesus at sa kaniya'y sinabi,
Kung napagkikilala mo ang kaloob ng Dios, at kung sino ang
sa iyo'y nagsasabi, Painumin mo ako; ikaw ay hihingi sa
kaniya, at ikaw ay bibigyan niya ng tubig na buhay. 11 Sinabi
sa kaniya ng babae, Ginoo, wala kang sukat isalok ng tubig,
at malalim ang balon: saan nga naroon ang iyong tubig na
buhay? 12 Dakila ka pa baga sa aming amang si Jacob,
na sa ami'y nagbigay ng balon, at dito'y uminom siya, at

ang kaniyang mga anak, at ang kaniyang mga hayop? 13
Sumagot si Jesus at sinabi sa kaniya, Ang bawa't uminom
ng tubig na ito ay muling mauuhaw: 14 Datapuwa't ang
sinomang umiinom ng tubig na sa kaniya'y aking ibibigay ay
hindi mauuhaw magpakailan man; nguni't ang tubig na sa
kaniya'y aking ibibigay ay magiging isang balon ng tubig na
bubukal sa kabuhayang walang hanggan. **(aiōn g165, aiōnios
g166)** 15 Sinabi sa kaniya ng babae, Ginoo, ibigay mo sa akin
ang tubig na ito, upang ako'y huwag mauhaw, ni pumarito
man sa ganito kalayo upang umigib pa. 16 Sinabi sa kaniya ni
Jesus, Humayo ka, tawagin mo ang iyong asawa, at pumarito
ka. 17 Sumagot ang babae at sinabi sa kaniya, Wala akong
asawa. Sinabi sa kaniya ni Jesus, Mabuti ang pagkasabi
mo, Wala akong asawa: 18 Sapagka't nagkaroon ka na ng
limang asawa; at ang nasa iyo ngayon ay hindi mo asawa:
dito'y sinabi mo ang katotohanan. 19 Sinabi sa kaniya ng
babae, Ginoo, napaghahalata kong ikaw ay isang propeta.
20 Nagsisamba ang aming mga magulang sa bundok na
ito; at sinasabi ninyo, na sa Jerusalem ay siyang dakong
kinakailangang pagsambahan ng mga tao. 21 Sa kaniya'y
sinabi ni Jesus, Babae, paniwalaan mo ako, na dumarating
ang oras, na kahit sa bundok na ito, ni sa Jerusalem, ay
hindi ninyo sasambahin ang Ama. 22 Sinasamba ninyo ang
hindi ninyo nalalaman: sinasamba namin ang nalalaman
namin; sapagka't ang kaligtasan ay nanggagaling sa mga
Judio. 23 Datapuwa't dumarating ang oras, at ngayon nga,
na sasambahin ng mga tunay na mananamba ang Ama
sa espiritu at katotohanan: sapagka't hinahanap ng Ama
ang mga gayon na maging mananamba sa kaniya. 24 Ang
Dios ay Espiritu: at ang mga sa kaniya'y nagsisisamba ay
kinakailangang magsisamba sa espiritu at sa katotohanan.
25 Sinabi sa kaniya ng babae, Nalalaman ko na paririto
ang Mesias (ang tinatawag na Cristo): na pagparito niya,
ay ipahahayag niya sa amin ang lahat ng mga bagay. 26
Sinabi sa kaniya ni Jesus, Ako na nagsasalita sa iyo ay
siya nga. 27 At sa ganito'y nagsidating ang kaniyang mga
alagad; at sila'y nangagtaka na siya'y nakikipagsalitaan sa
isang babae; gayon ma'y walang taong nagsabi, Ano ang
iyong hinahanap? o, Bakit nakikipagsalitaan ka sa kaniya?
28 Sa gayo'y iniwan ng babae ang kaniyang banga ng tubig,
at napasa bayan, at sinabi sa mga tao, 29 Magsiparito
kayo, tingnan ninyo ang isang lalake, na nagsabi sa akin
ng lahat ng mga bagay na aking ginawa: mangyayari
kayang ito ang Cristo? 30 Nagsilabas sila sa bayan, at
nagsisiparoon sa kaniya. 31 Samantala ay ipinamamanhik
sa kaniya ng mga alagad, na nangagsasabi, Rabi, kumain
ka. 32 Datapuwa't sinabi niya sa kanila, Ako'y may pagkaing
kakanin na hindi ninyo nalalaman. 33 Ang mga alagad nga
ay nangagsangusapan, May tao kayang nagdala sa kaniya
ng pagkain? 34 Sinabi sa kanila ni Jesus, Ang pagkain ko ay
ang aking gawin ang kalooban ng sa akin ay nagsugo, at
tapusin ang kaniyang gawa. 35 Hindi baga sinasabi ninyo,
May apat na buwan pa, at saka darating ang pagaani?
narito, sa inyo'y aking sinasabi, Itanaw ninyo ang inyong
mga mata, at inyong tingnan ang mga bukid, na mapuputi
na upang anihin. 36 Ang umaani ay tumatanggap ng upa, at
nagtitipon ng bunga sa buhay na walang hanggan; upang
ang naghahasik at ang umaani ay mangagalak kapuwa.
**(aiōnios g166)** 37 Sapagka't dito'y totoo ang kasabihan, Isa ang
naghahasik, at iba ang umaani. 38 Kayo'y sinugo ko upang
anihin ang hindi ninyo pinagpagalan: iba ang nangagpagal,
at kayo'y siyang nagsipasok sa kanilang pinagpagalan. 39
At marami sa mga Samaritano sa bayang yaon ang sa
kaniya'y nagsisampalataya dahil sa salita ng babae, na
nagpatotoo, Sinabi niya sa akin ang lahat ng mga bagay
na aking ginawa. 40 Kaya nang sa kaniya'y magsidating
ang mga Samaritano, ay sa kaniya'y ipinamanhik nila na
matira sa kanila: at siya'y natira roong dalawang araw. 41 At
lalo pang marami ang mga nagsisampalataya sa kaniya
dahil sa kaniyang salita; 42 At sinabi nila sa babae, Ngayo'y
nagsisisampalataya kami, hindi dahil sa iyong pananalita:
sapagka't kami rin ang nakarinig, at nalalaman naming ito
nga ang Tagapagligtas ng sanglibutan. 43 At pagkaraan ng
dalawang araw ay umalis siya doon at napasa Galilea. 44
Sapagka't si Jesus din ang nagpatotoo, na ang isang propeta
ay walang kapurihan sa kaniyang sariling lupain. 45 Kaya
nang siya'y dumating sa Galilea, ay tinanggap siya ng mga
Galileo, nang kanilang mangakita ang lahat ng mga bagay na
kaniyang ginawa sa Jerusalem sa kapistahan: sapagka't sila
man ay nagsiparoon din sa kapistahan. 46 Naparoon ngang
muli siya sa Cana ng Galilea, na doo'y kaniyang pinapaging
alak ang tubig. At naroroon ang isang mahal na tao, na ang
kaniyang anak na lalake ay may-sakit sa Capernaum. 47
Nang mabalitaan niya na si Jesus ay dumating sa Galilea na
mula sa Judea, ay naparoon siya sa kaniya, at ipinamanhik
sa kaniya na siya'y lumusong, at pagalingin ang kaniyang
anak na lalake; sapagka't siya'y naghihingalo. 48 Sinabi nga
sa kaniya ni Jesus, Malibang kayo'y mangakakita ng mga
tanda at mga kababalaghan, ay hindi kayo magsisipaniwala
sa anomang paraan. 49 Ang mahal na tao ay nagsabi sa
kaniya, Ginoo, lumusong ka bago mamatay ang aking anak.
50 Sinabi sa kaniya ni Jesus, Yumaon ka ng iyong lakad;
buhay ang anak mo. Pinaniwalaan ng lalake ang salitang
sinalita sa kaniya ni Jesus, at siya'y yumaon sa kaniyang
lakad. 51 At samantalang siya'y lumulusong, ay sinalubong
siya ng kaniyang mga alipin, na nangagsasabi, na ang
kaniyang anak ay buhay. 52 Itinanong nga niya sa kanila ang
oras nang siya'y pasimulan ng paggaling. Sa kaniya nga'y

kanilang sinabi, Kahapon nang ikapitong oras inibsan siya
ng lagnat. 53 Naunawa nga ng ama na sa oras na yaon nang
sabihin sa kaniya ni Jesus, Buhay ang anak mo: at siya'y
sumampalataya, at ang kaniyang buong sangbahayan. 54
Ito nga ang muling pangalawang tanda na ginawa ni Jesus,
nang siya'y pumaroon sa Galilea na mula sa Judea.

**5** Pagkatapos ng mga bagay na ito'y nagkaroon ng pista
ang mga Judio; at umahon si Jesus sa Jerusalem. 2 Sa
Jerusalem nga'y may isang tangke sa tabi ng pintuan ng
mga tupa, na sa wikang Hebreo ay tinatawag na Betesda,
na may limang portiko. 3 Na sa mga ito ay nangaghandusay
ang marami sa kanilang mga maysakit, mga bulag, mga
pilay, mga natutuyo. 4 Sapagka't lumulusong ang isang
anghel ng Panginoon sa mga tanging panahon sa tangke at
kinakalawkaw ang tubig: at ang unang manaog sa tangke,
pagkatapos na makalawkaw ang tubig ay gumagaling sa
anomang sakit na dinaramdam. 5 At naroon ang isang lalake,
na may tatlongpu't walong taon nang maysakit. 6 Nang
makita ni Jesus na siya'y nakahandusay, at mapagkilalang
siya'y malaon nang panahong maysakit, ay sinabi niya sa
kaniya, Ibig mo bagang gumaling? 7 Sumagot sa kaniya ang
lalaking maysakit, Ginoo, wala ng taong maglusong sa akin
sa tangke, pagkalawkaw sa tubig: datapuwa't samantalang
ako'y naparoroon, ay nakalusong na muna ang iba bago
ako. 8 Sinabi sa kaniya ni Jesus, Magtindig ka, buhatin mo
ang iyong higaan, at lumakad ka. 9 At pagdaka'y gumaling
ang lalake, at binuhat ang kaniyang higaan at lumakad.
Noon nga'y araw ng sabbath. 10 Kaya sinabi ng mga Judio
sa kaniya na pinagaling, Ito'y araw ng sabbath, at hindi
matuwid na buhatin mo ang iyong higaan. 11 Nguni't sila'y
sinagot niya, Ang nagpagaling sa akin, ang siya ring sa
akin ay nagsabi, Buhatin mo ang iyong higaan, at lumakad
ka. 12 Tinanong nila siya, Sino ang taong sa iyo'y nagsabi,
Buhatin mo ang iyong higaan, at lumakad ka? 13 Nguni't
hindi nakikilala ng pinagaling kung sino siya; sapagka't si
Jesus ay humiwalay, palibhasa'y may isang karamihan sa
dakong yaon. 14 Pagkatapos ay nasumpungan siya ni Jesus
sa templo, at sa kaniya'y sinabi, Narito, ikaw ay gumaling
na: huwag ka nang magkasala, baka mangyari pa sa iyo
ang lalong masama. 15 Umalis ang tao, at sinaysay sa
mga Judio na si Jesus ang sa kaniya'y nagpagaling. 16
At dahil dito'y pinagusig ng mga Judio si Jesus, sapagka't
ginagawa niya ang mga bagay na ito sa araw ng sabbath.
17 Datapuwa't sinagot sila ni Jesus, Hanggang ngayo'y
gumagawa ang aking Ama, at ako'y gumagawa. 18 Dahil dito
nga'y lalo nang pinagsikapan ng mga Judio na siya'y patayin,
sapagka't hindi lamang sinira ang araw ng sabbath, kundi
tinatawag din naman na kaniyang sariling Ama ang Dios, na
siya'y nakikipantay sa Dios. 19 Sumagot nga si Jesus at
sinabi sa kanila, Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa
inyo, Hindi makagagawa ang Anak ng anoman sa kaniyang
sarili kundi ang makita niyang gawin ng Ama; sapagka't
ang lahat ng mga bagay na kaniyang ginagawa, ay ang
mga ito rin naman ang ginagawa ng Anak sa gayon ding
paraan. 20 Sapagka't sinisinta ng Ama ang Anak, at sa
kaniya'y ipinakikita ang lahat ng mga bagay na kaniyang
ginagawa: at lalong dakilang mga gawa kay sa mga ito ang
sa kaniya'y ipakikita niya, upang kayo'y magsipanggilalas.
21 Sapagka't kung paanong ibinabangon ng Ama ang mga
patay at sila'y binubuhay, gayon din naman binubuhay ng
Anak ang kaniyang mga ibigin. 22 Sapagka't ang Ama'y hindi
humahatol sa kanino mang tao, kundi ipinagkaloob niya sa
Anak ang buong paghatol; 23 Upang papurihan ng lahat
ang Anak, na gaya rin ng kanilang pagpapapuri sa Ama.
Ang hindi nagpapapuri sa Anak ay hindi nagpapapuri sa
Ama na sa kaniya'y nagsugo. 24 Katotohanan, katotohanang
sinasabi ko sa inyo, Ang dumirinig ng aking salita, at
sumasampalataya sa kaniya na nagsugo sa akin, ay may
buhay na walang hanggan, at hindi mapapasok sa paghatol,
kundi lumipat na sa kabuhayan mula sa kamatayan. **(aiōnios
g166)** 25 Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo,
Dumarating ang panahon, at ngayon nga, na maririnig ng
mga patay ang tinig ng Anak ng Dios; at ang mangakarinig
ay mangabubuhay. 26 Sapagka't kung paanong ang Ama
ay may buhay sa kaniyang sarili, ay gayon din namang
pinagkalooban niya ang Anak na magkaroon ng buhay sa
kaniyang sarili: 27 At binigyan niya siya ng kapamahalaang
makahatol, sapagka't siya'y anak ng tao. 28 Huwag ninyong
ipanggilalas ito: sapagka't dumarating ang oras, na ang
lahat ng nangasa libingan ay makaririnig ng kaniyang tinig,
29 At magsisilabas; ang mga nagsigawa ng mabuti, ay sa
pagkabuhay na maguli sa buhay; at ang mga nagsigawa
ng masama, ay sa pagkabuhay na maguli sa paghatol.
30 Hindi ako makagagawa ng anoman sa aking sarili:
humahatol ako ayon sa aking naririnig: at ang paghatol ko'y
matuwid; sapagka't hindi ko pinaghahanap ang aking sariling
kalooban, kundi ang kalooban niyaong nagsugo sa akin. 31
Kung ako'y nagpapatotoo sa aking sarili, ang patotoo ko
ay hindi katotohanan. 32 Iba ang nagpapatotoo sa akin; at
talastas ko na ang patotoong isinasaksi niya sa akin ay
totoo. 33 Kayo'y nangagsugo kay Juan, at siya'y nagpatotoo
sa katotohanan. 34 Datapuwa't ang patotoo ay hindi mula
sa tao: gayon ma'y sinasabi ko ang mga bagay na ito,
upang kayo'y mangaligtas. 35 Siya ang ilawang nagniningas
at lumiliwanag; at inibig ninyong kayo'y mangagkatuwang
sumandali sa kaniyang liwanag. 36 Datapuwa't ang aking
pagpapatotoo ay lalong dakila kay sa kay Juan; sapagka't
ang mga gawang ibinigay sa akin ng aking Ama upang

ganapin, ang gayon ding mga gawa na aking ginagawa, ay
nagpapatotoo tungkol sa akin, na ako'y sinugo ng Ama. 37 At
ang Ama na nagsugo sa akin, ay siyang nagpatotoo tungkol
sa akin. Kailan ma'y hindi ninyo narinig ang kaniyang tinig, ni
hindi man ninyo nakita ang kaniyang anyo. 38 At kayo'y
walang salita niya na nananatili sa inyo: sapagka't hindi
kayo nagsisisampalataya sa kaniyang sinugo. 39 Saliksikin
ninyo ang mga kasulatan, sapagka't iniisip ninyo na sa mga
yaon ay mayroon kayong buhay na walang hanggan; at
ang mga ito'y siyang nangagpapatotoo tungkol sa akin.
(aiōnios g166) 40 At ayaw kayong magsilapit sa akin, upang
kayo'y magkaroon ng buhay. 41 Hindi ako tumatanggap ng
kaluwalhatiang mula sa mga tao. 42 Datapuwa't nakikilala ko
kayo, na kayo'y walang pagibig ng Dios sa inyong sarili.
43 Naparito ako sa pangalan ng aking Ama, at ayaw ninyo
akong tanggapin: kung iba ang pumarito sa kaniyang sariling
pangalan, ay siya ninyong tatanggapin. 44 Paanong kayo'y
makapananampalataya, kayong nangagtatanggapan sa
isa't isa ng kaluwalhatian at hindi ninyo pinaghahanap ang
kaluwalhatiang nanggagaling sa tanging Dios? 45 Huwag
ninyong isiping ako ang sa inyo'y magsusumbong sa Ama:
may isang magsusumbong sa inyo, sa makatuwid baga'y si
Moises, yaong pinaglagakan ninyo ng inyong pagasa. 46
Sapagka't kung kayo'y nagsisisampalataya kay Moises, ay
magsisisampalataya kayo sa akin; sapagka't tungkol sa akin
siya'y sumulat. 47 Nguni't kung hindi kayo nagsisipaniwala
sa kaniyang mga sulat, ay paanong magsisisampalataya
kayo sa aking mga salita?

**6** Pagkatapos ng mga bagay na ito ay naparoon si Jesus
sa kabilang ibayo ng dagat ng Galilea, na siyang dagat ng
Tiberias. 2 At sumusunod sa kaniya ang lubhang maraming
tao, sapagka't kanilang nangakikita ang mga tanda na
ginagawa niya sa mga maysakit. 3 At umahon si Jesus sa
bundok, at doo'y naupo siya na kasama ng kaniyang mga
alagad. 4 Malapit na nga ang paskua, na pista ng mga Judio.
5 Itinanaw nga ni Jesus ang kaniyang mga mata, at pagkakita
na ang lubhang maraming tao'y lumalapit sa kaniya, ay
sinabi kay Felipe, Saan tayo magsisibili ng tinapay, upang
mangakakain ang mga ito? 6 At ito'y sinabi niya upang
siya'y subukin: sapagka't nalalaman niya sa kaniyang sarili
kung ano ang kaniyang gagawin. 7 Sumagot si Felipe sa
kaniya, Hindi magkakasiya sa kanila ang dalawang daang
denariong tinapay, upang makakain ng kaunti ang bawa't
isa. 8 Sinabi sa kaniya ng isa sa kaniyang mga alagad, si
Andres, na kapatid ni Simon Pedro, 9 May isang batang
lalake rito, na mayroong limang tinapay na sebada, at
dalawang isda: datapuwa't gaano na ang mga ito sa ganyang
karamihan? 10 Sinabi ni Jesus, Inyong paupuin ang mga
tao. Madamo nga sa dakong yaon. Kaya't nagsiupo ang
mga lalake, na may limang libo ang bilang. 11 Kinuha nga ni
Jesus ang mga tinapay; at nang makapagpasalamat, ay
ipinamahagi niya sa kanilang nangakaupo; at gayon din
naman binigyan sila ng mga isda kung gaanong ibigin nila.
12 At nang sila'y mangabusog, ay sinabi niya sa kaniyang
mga alagad, Pulutin ninyo ang mga pinagputolputol na
lumabis, upang walang anomang masayang. 13 Kaya't
kanilang tinipon, at nangapuno ang labingdalawang bakol
ng mga pinagputolputol sa limang tinapay na sebada, na
lumabis sa nagsikain. 14 Kaya't nang makita ng mga tao ang
tandang ginawa niya, ay kanilang sinabi, Totoong ito nga ang
propeta na paririto sa sanglibutan. 15 Nang mapaghalata
nga ni Jesus na sila'y magsisilapit at siya'y agawin, upang
siya'y gawing hari, ay muling nagbalik sa bundok na nagiisa.
16 At nang kinahapunan, ay nagsilusong ang kaniyang mga
alagad sa dagat; 17 At nagsilulan sila sa isang daong, at
kanilang tinatawid ang dagat hanggang sa Capernaum. At
madilim na nga, at hindi dumarating sa kanila si Jesus. 18
At lumalaki ang dagat dahil sa isang malakas na hanging
humihihip. 19 Nang sila nga'y mangakagaod na ng may
dalawangpu't lima o tatlongpung estadio, ay kanilang nakita
si Jesus na lumalakad sa ibabaw ng dagat, at lumalapit
sa daong: at sila'y nangahintakutan. 20 Datapuwa't sinabi
niya sa kanila, Ako nga; huwag kayong mangatakot. 21
Malugod nga nilang tinanggap siya sa daong: at pagdaka'y
dumating ang daong sa lupang kanilang tinutumpa. 22 Nang
kinabukasan ay nakita ng karamihang nakatayo sa kabilang
ibayo ng dagat na doo'y walang ibang daong, kundi isa, at
hindi lumulan sa daong si Jesus na kasama ng kaniyang
mga alagad, kundi ang kaniyang mga alagad lamang ang
nagsipaglayag 23 (Gayon man ay may mga daong na
nagsidating na mula sa Tiberias malapit sa dako na kanilang
kinainan ng tinapay pagkatapos na makapagpasalamat ang
Panginoon): 24 Nang makita nga ng karamihan na wala roon
si Jesus, ni ang kaniyang mga alagad man, ay nagsilulan sila
sa mga daong, at nagsidating sa Capernaum, na hinahanap
si Jesus. 25 At nang siya'y kanilang masumpungan sa
kabilang ibayo ng dagat, ay kanilang sinabi sa kanila, Rabi,
kailan ka dumating dito? 26 Sinagot sila ni Jesus at sinabi,
Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, Ako'y
inyong hinahanap, hindi dahil sa inyong nangakitang mga
tanda, kundi dahil sa kayo'y nagsikain ng tinapay, at kayo'y
nangabusog. 27 Magsigawa kayo hindi dahil sa pagkaing
napapanis, kundi dahil sa pagkaing tumatagal sa buhay
na walang hanggan, na ibibigay sa inyo ng Anak ng tao:
sapagka't siyang tinatakan ng Ama, sa makatuwid baga'y
ang Dios. (aiōnios g166) 28 Sinabi nga nila sa kaniya, Ano
ang kinakailangan naming gawin, upang aming magawa
ang mga gawa ng Dios? 29 Sumagot si Jesus at sa kanila'y

sinabi, Ito ang gawa ng Dios, na inyong sampalatayanan
yaong kaniyang sinugo. **30** Sinabi nga nila sa kaniya, Ano
nga ang inyong ginagawa na pinakatanda, upang aming
makita, at sampalatayanan ka namin? ano ang ginagawa
mo? **31** Nagsikain ang aming mga magulang ng mana sa
ilang; gaya ng nasusulat, Tinapay na galing sa langit ang
sa kanila'y kaniyang ipinakain. **32** Sinabi nga sa kanila ni
Jesus, Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo,
Hindi si Moises ang nagbigay sa inyo ng tinapay na galing
sa langit; kundi ang aking Ama ang nagbibigay sa inyo
ng tunay na tinapay na galing sa langit. **33** Sapagka't ang
tinapay ng Dios ay yaong bumababang mula sa langit,
at nagbibigay buhay sa sanglibutan. **34** Sa kaniya nga'y
kanilang sinabi, Panginoon, bigyan mo kaming palagi ng
tinapay na ito. **35** Sa kanila'y sinabi ni Jesus, Ako ang tinapay
ng kabuhayan: ang lumalapit sa akin ay hindi magugutom, at
ang sumasampalataya sa akin kailan ma'y hindi mauuhaw.
**36** Datapuwa't sinabi ko sa inyo, na nakita ninyo ako, at
gayon ma'y hindi kayo nagsisampalataya. **37** Ang lahat ng
ibinibigay sa akin ng Ama ay magsisilapit sa akin; at ang
lumalapit sa akin sa anomang paraan ay hindi ko itataboy.
**38** Sapagka't bumaba akong mula sa langit, hindi upang
gawin ko ang aking sariling kalooban, kundi ang kalooban ng
nagsugo sa akin. **39** At ito ang kalooban ng nagsugo sa akin,
na sa lahat ng ibinigay niya sa akin ay huwag kong iwala ang
anoman, kundi ibangon sa huling araw. **40** Sapagka't ito ang
kalooban ng aking Ama, na ang bawa't nakakakita sa Anak,
at sa kaniya'y sumampalataya, ay magkaroon ng walang
hanggang buhay; at akin siyang ibabangon sa huling araw.
**(aiōnios g166)** **41** Ang mga Judio nga ay nagbulongbulungan
tungkol sa kaniya sapagka't kaniyang sinabi, Ako ang tinapay
na bumabang galing sa langit. **42** At kanilang sinabi, Hindi
baga ito'y si Jesus, ang anak ni Jose, na nakikilala natin ang
kaniyang ama at ina? paano ngang sinasabi niya, Ako'y
bumabang galing sa langit? **43** Sumagot si Jesus at sa
kanila'y sinabi, Huwag kayong mangagbulongbulungan.
**44** Walang taong makalalapit sa akin, maliban nang ang
Amang nagsugo sa akin ang sa kaniya'y magdala sa akin;
at siya'y aking ibabangon sa huling araw. **45** Nasusulat sa
mga propeta, At tuturuan silang lahat ng Dios. Ang bawa't
nakarinig sa Ama, at natuto, ay lumalapit sa akin. **46** Hindi
sa ang sinoma'y nakakita sa Ama, kundi yaong nanggaling
sa Dios, siya ang nakakita sa Ama. **47** Katotohanan,
katotohanang sinasabi ko sa inyo, Ang sumasampalataya
ay may buhay na walang hanggan. **(aiōnios g166)** **48** Ako
ang tinapay ng kabuhayan. **49** Nagsikain ang inyong mga
magulang ng mana sa ilang, at sila'y nangamatay. **50** Ito
ang tinapay na bumababang galing sa langit, upang ang
taong makakain, ay huwag mamatay. **51** Ako ang tinapay na
buhay na bumabang galing sa langit: kung ang sinoman ay
kumain ng tinapay na ito, siya'y mabubuhay magpakailan
man: oo at ang tinapay na aking ibibigay ay ang aking
laman, sa ikabubuhay ng sanglibutan. **(aiōn g165)** **52** Ang
mga Judio nga'y nangagtatalo, na nangagsasabi, Paanong
maipakakain sa atin ng taong ito ang kaniyang laman? **53**
Sinabi nga sa kanila ni Jesus, Katotohanan, katotohanang
sinasabi ko sa inyo, Maliban nang inyong kanin ang laman
ng Anak ng tao at inumin ang kaniyang dugo, ay wala
kayong buhay sa inyong sarili. **54** Ang kumakain ng aking
laman at umiinom ng aking dugo ay may buhay na walang
hanggan; at siya'y aking ibabangon sa huling araw. **(aiōnios
g166)** **55** Sapagka't ang aking laman ay tunay na pagkain, at
ang aking dugo ay tunay na inumin. **56** Ang kumakain ng
aking laman at umiinom ng aking dugo ay nananahan sa
akin, at ako'y sa kaniya. **57** Kung paanong sinugo ako ng
Amang buhay, at ako'y nabubuhay dahil sa Ama; gayon din
naman ang kumakain sa akin, siya nama'y mabubuhay dahil
sa akin. **58** Ito ang tinapay na bumabang galing sa langit:
hindi gaya ng mga magulang na nagsikain, at nangamatay;
ang kumakain ng tinapay na ito ay mabubuhay magpakailan
man. **(aiōn g165)** **59** Sinabi niya ang mga bagay na ito sa
sinagoga, samantalang siya'y nagtuturo sa Capernaum.
**60** Marami nga sa kaniyang mga alagad, nang kanilang
marinig ito, ay nangagsabi, Matigas ang pananalitang ito;
sino ang makaririnig noon? **61** Datapuwa't pagkaalam ni
Jesus sa kaniyang sarili na nagbubulongbulungan ang
kaniyang mga alagad tungkol dito, sa kanila'y sinabi, Ito
baga'y nakapagpapatisod sa inyo? **62** Ano nga kung makita
ninyong umaakyat ang Anak ng tao sa kinaroroonan niya
nang una? **63** Ang espiritu nga ang bumubuhay; sa laman
ay walang anomang pinakikinabang: ang mga salitang
sinalita ko sa inyo ay pawang espiritu, at pawang buhay. **64**
Datapuwa't may ilan sa inyong hindi nagsisisampalataya.
Sapagka't talastas na ni Jesus buhat pa nang una kung
sino-sino ang hindi nagsisisampalataya, at kung sino ang sa
kaniya'y magkakanulo. **65** At sinabi niya, Dahil dito'y sinabi
ko sa inyo, na walang taong makalalapit sa akin, maliban na
ipagkaloob sa kaniya ng Ama. **66** Dahil dito'y marami sa
kaniyang mga alagad ay nagsitalikod, at hindi na nagsisama
sa kaniya. **67** Sinabi nga ni Jesus sa labingdalawa, Ibig baga
ninyong magsialis din naman? **68** Sinagot siya ni Simon
Pedro, Panginoon, kanino kami magsisiparoon? ikaw ang
may mga salita ng buhay na walang hanggan. **(aiōnios g166)**
**69** At kami'y nagsisisampalataya at nakikilala namin na ikaw
ang Banal ng Dios. **70** Sinagot sila ni Jesus, Hindi baga
hinirang ko kayong labingdalawa, at ang isa sa inyo ay
diablo? **71** Tinukoy nga niya si Judas na anak ni Simon

Iscariote, sapagka't siya ang sa kaniya'y magkakanulo,
palibhasa'y isa sa labingdalawa.

**7** At pagkatapos ng mga bagay na ito ay naglakad si Jesus
sa Galilea: sapagka't ayaw siyang maglakad sa Judea,
dahil sa pinagsisikapan ng mga Judio na siya'y patayin.
**2** Malapit na nga ang pista ng mga Judio, ang pista ng
mga tabernakulo. **3** Sinabi nga sa kaniya ng kaniyang
mga kapatid, Umalis ka rito, at pumaroon ka sa Judea,
upang makita naman ng iyong mga alagad ang mga gawang
iyong ginagawa. **4** Sapagka't walang taong gumagawa ng
anomang bagay sa lihim, at nagsisikap ihayag ang kaniyang
sarili. Kung ginagawa mo ang mga bagay na ito ay pakilala
ka sa sanglibutan. **5** Sapagka't kahit ang kaniyang mga
kapatid man ay hindi nagsisisampalataya sa kaniya. **6**
Sinabi nga sa kanila ni Jesus, Hindi pa dumarating ang
aking panahon; datapuwa't ang inyong panahon ay laging
nahahanda. **7** Hindi mangyayaring kayo'y kapootan ng
sanglibutan; nguni't ako'y kinapopootan, sapagka't siya'y
aking pinatototohanang masasama ang kaniyang mga gawa.
**8** Mangagsiahon kayo sa pista: ako'y hindi aahon sa pistang
ito; sapagka't hindi pa nagaganap ang aking panahon. **9** At
nang masabi sa kanila ang mga bagay na ito, ay nanahan pa
siya sa Galilea. **10** Datapuwa't nang mangakaahon na ang
kaniyang mga kapatid sa pista, saka naman siya umahon,
hindi sa hayag, kundi waring sa lihim. **11** Hinahanap nga
siya ng mga Judio sa pista, at kanilang sinasabi, Saan
naroon siya? **12** At nagkaroon ng maraming bulongbulungan
tungkol sa kaniya ang karamihan: sinasabi ng ilan, Siya'y
taong mabuti; sinasabi ng mga iba, Hindi gayon, kundi
inililigaw niya ang karamihan. **13** Gayon man ay walang taong
nagsasalita ng hayag tungkol sa kaniya dahil sa takot sa
mga Judio. **14** Datapuwa't nang ang kapistahan nga'y nasa
kalagitnaan na ay umahon si Jesus sa templo, at nagturo.
**15** Nagsipanggilalas nga ang mga Judio, na nangagsasabi,
Paanong nakaaalam ang taong ito ng mga karunungan,
gayong hindi naman nagaral kailan man? **16** Sinagot nga
sila ni Jesus, at sinabi, Ang turo ko ay hindi akin, kundi doon
sa nagsugo sa akin. **17** Kung ang sinomang tao ay nagiibig
gumawa ng kaniyang kalooban, ay makikilala niya ang turo,
kung ito'y sa Dios, o kung ako'y nagsasalita na mula sa
aking sarili. **18** Ang nagsasalita ng sa ganang kaniyang
sarili'y humahanap ng kaniyang sariling kaluwalhatian:
datapuwa't ang humahanap ng kaluwalhatian niyaong sa
kaniya'y nagsugo, ang gayon ay totoo, at sa kaniya'y walang
kalikuan. **19** Hindi baga ibinigay sa inyo ni Moises ang
kautusan, at gayon ma'y wala sa inyong gumaganap ng
kautusan? Bakit ninyo pinagsisikapang ako'y patayin? **20**
Sumagot ang karamihan, Mayroon kang demonio: sino ang
nagsisikap na ikaw ay patayin? **21** Sumagot si Jesus at sa
kanila'y sinabi, Isang gawa ang aking ginawa, at kayong
lahat ay nagsipanggilalas dahil doon. **22** Ibinigay sa inyo ni
Moises ang pagtutuli (hindi sa ito'y kay Moises, kundi sa mga
magulang); at tinutuli ninyo sa sabbath ang isang lalake.
**23** Kung tinatanggap ng lalake ang pagtutuli sa sabbath,
upang huwag labagin ang kautusan ni Moises; nangagagalit
baga kayo sa akin, dahil sa pinagaling kong lubos ang isang
tao sa sabbath? **24** Huwag kayong magsihatol ayon sa
anyo, kundi magsihatol kayo ng matuwid na paghatol. **25**
Sinabi nga ng ilang taga Jerusalem, Hindi baga ito ang
kanilang pinagsisikapang patayin? **26** At narito, siya'y hayag
na nagsasalita, at walang anomang sinasabi sila sa kaniya.
Napagkikilala kayang tunay ng mga pinuno na ito ang Cristo?
**27** Gayon man ay nakikilala namin ang taong ito kung taga
saan siya: datapuwa't pagparito ng Cristo, sinoma'y walang
makakaalam kung taga saan siya. **28** Sumigaw nga si Jesus
sa templo, na nagtuturo at sinasabi, Ako'y inyong nakikilala
at nalalaman din naman ninyo kung taga saan ako; at hindi
ako naparito sa aking sarili, datapuwa't ang nagsugo sa akin
ay tunay, na hindi ninyo nakikilala. **29** Siya'y nakikilala ko;
sapagka't ako'y mula sa kaniya, at siya ang nagsugo sa akin.
**30** Pinagsisikapan nga nilang siya'y hulihin: at walang taong
sumunggab sa kaniya, sapagka't hindi pa dumarating ang
kaniyang oras. **31** Datapuwa't sa karamihan ay marami ang
nagsisampalataya sa kaniya; at kanilang sinasabi, Pagparito
ng Cristo, ay gagawa pa baga siya ng lalong maraming
tanda kay sa mga ginawa ng taong ito? **32** Nangarinig ng
mga Fariseo ang bulongbulungan ng karamihan tungkol
sa kaniya; at nangagsugo ang mga pangulong saserdote
at ang mga Fariseo ng mga punong kawal upang siya'y
hulihin. **33** Sinabi nga ni Jesus, Makikisama pa ako sa inyong
sangdaling panahon, at ako'y paroroon sa nagsugo sa akin.
**34** Hahanapin ninyo ako, at hindi ako masusumpungan: at
kung saan ako naroroon, ay hindi kayo makaparoroon. **35**
Ang mga Judio nga'y nangagsangusapan, Saan paroroon
ang taong ito na hindi natin siya masusumpungan? siya
kaya'y paroroon sa nagsisipangalat sa gitna ng mga Griego,
at magtuturo sa mga Griego? **36** Ano ang salitang ito na
kaniyang sinabi, Hahanapin ninyo ako, at hindi ninyo ako
masusumpungan; at kung saan ako naroroon, ay hindi
kayo makaparoroon? **37** Nang huling araw nga, na dakilang
araw ng kapistahan, si Jesus ay tumayo at sumigaw, na
nagsasabi, Kung ang sinomang tao'y nauuhaw, ay pumarito
siya sa akin, at uminom. **38** Ang sumasampalataya sa
akin, gaya ng sinasabi ng kasulatan, ay mula sa loob niya
ay aagos ang mga ilog ng tubig na buhay. **39** (Nguni't
ito'y sinalita niya tungkol sa Espiritu, na tatanggapin ng
mga magsisisampalataya sa kaniya: sapagka't hindi pa
ipinagkakaloob ang Espiritu; sapagka't si Jesus ay hindi

pa niluluwalhati.) 40 Ang ilan nga sa karamihan, nang
marinig ang mga salitang ito, ay nangagsabi, Tunay na
ito ang propeta. 41 Sinasabi ng mga iba, Ito nga ang
Cristo. Datapuwa't sinasabi ng ilan, Ano, sa Galilea baga
manggagaling ang Cristo? 42 Hindi baga sinabi ng kasulatan
na ang Cristo ay manggagaling sa lahi ni David, at mula
sa Bet-lehem, ang nayong kinaroonan ni David? 43 Kaya
nangyaring nagkaroon ng pagkakabahabahagi sa karamihan
dahil sa kaniya. 44 At ibig ng ilan sa kanila na siya'y
hulihin; datapuwa't walang taong sumunggab sa kaniya. 45
Nagsidating nga ang mga punong kawal sa mga pangulong
saserdote at sa mga Fariseo; at sinabi nila sa kanila, Bakit
hindi ninyo siya dinala? 46 Nagsisagot ang mga punong
kawal, Kailan ma'y walang taong nagsalita ng gayon. 47
Sinagot nga sila ng mga Fariseo, Kayo baga naman ay
nangailigaw rin? 48 Sumampalataya baga sa kaniya ang
sinoman sa mga pinuno, o ang sinoman sa mga Fariseo?
49 Datapuwa't ang karamihang ito na hindi nakaaalam ng
kautusan ay sinumpa. 50 Sinabi sa kanila ni Nicodemo
(yaong pumaroon kay Jesus nang una, na isa sa kanila), 51
Hinahatulan baga ng ating kautusan ang isang tao, malibang
siya muna'y dinggin at talastasin kung ano ang kaniyang
ginagawa? 52 Sila'y nagsisagot at sinabi sa kaniya, Ikaw
baga'y taga Galilea rin? Siyasatin mo, at tingnan mo na sa
Galilea ay walang lumitaw na propeta. 53 Ang bawa't tao'y
umuwi sa kanikaniyang sariling bahay:

**8** Datapuwa't si Jesus ay napasa bundok ng mga Olivo.
2 At pagka umaga ay nagbalik siya sa templo, at ang
buong bayan ay lumapit sa kaniya; at siya'y naupo, at sila'y
tinuruan. 3 At dinala sa kaniya ng mga eskriba at ng mga
Fariseo ang isang babaing nahuli sa pangangalunya; at nang
mailagay siya sa gitna, 4 Ay sinabi nila sa kaniya, Guro,
nahuli ang babaing ito sa kasalukuyan ng pangangalunya. 5
Sa kautusan nga ay ipinagutos sa amin ni Moises na batuhin
ang mga ganyan: ano nga ang iyong sabi tungkol sa kaniya?
6 At ito'y kanilang sinabi, na siya'y sinusubok, upang sa
kaniya'y may maisumbong sila. Datapuwa't yumuko si Jesus,
at sumulat ng kaniyang daliri sa lupa. 7 Datapuwa't nang
sila'y nangagpatuloy ng pagtatanong sa kaniya, ay umunat
siya, at sa kanila'y sinabi, Ang walang kasalanan sa inyo, ay
siyang unang bumato sa kaniya. 8 At muli siyang yumuko,
at sumulat ng kaniyang daliri sa lupa. 9 At sila, nang ito'y
kanilang marinig, ay nagsialis na isa-isa, na nagpasimula
sa katandatandaan, hanggang sa kahulihulihan: at iniwang
magisa si Jesus at ang babae, sa kinaroroonan nito, sa
gitna. 10 At umunat si Jesus, at sa kaniya'y sinabi, Babae,
saan sila nangaroroon? wala bagang taong humatol sa iyo?
11 At sinabi niya, Wala sinoman, Panginoon. At sinabi ni
Jesus, Ako man ay hindi rin hahatol sa iyo: humayo ka
ng iyong lakad; mula ngayo'y huwag ka nang magkasala.
12 Muli ngang nagsalita sa kanila si Jesus, na sinasabi,
Ako ang ilaw ng sanglibutan: ang sumusunod sa akin ay
hindi lalakad sa kadiliman, kundi magkakaroon ng ilaw
ng kabuhayan. 13 Sinabi nga sa kaniya ng mga Fariseo,
Nagpapatotoo ka sa iyong sarili; hindi totoo ang patotoo
mo. 14 Sumagot si Jesus at sa kanila'y sinabi, Bagama't
ako'y nagpapatotoo sa akin din, ay totoo ang aking patotoo;
sapagka't nalalaman ko kung saan ako nanggaling, at
kung saan ako paroroon; datapuwa't hindi ninyo nalalaman
kung saan ako nanggaling, o kung saan ako paroroon. 15
Nagsisihatol kayo ayon sa laman; ako'y hindi humahatol sa
kanino mang tao. 16 Oo, at kung ako'y humahatol, ang hatol
ko'y totoo; sapagka't hindi ako nagiisa, kundi ako at ang
Ama na nagsugo sa akin. 17 Oo, at sa inyong kautusan ay
nasusulat, na ang patotoo ng dalawang tao ay totoo. 18 Ako
ang nagpapatotoo sa akin din, at ang Amang nagsugo sa
akin ay nagpapatotoo sa akin. 19 Sa kaniya nga'y kanilang
sinabi, Saan naroroon ang iyong Ama? Sumagot si Jesus,
Hindi ninyo nakikilala ako, ni ang aking Ama: kung ako'y
inyong makilala, ay makikilala rin ninyo ang aking Ama. 20
Sinalita niya ang mga salitang ito sa dakong kabang-yaman,
nang nagtuturo siya sa templo: at walang taong humuli sa
kaniya; sapagka't hindi pa dumarating ang kaniyang oras. 21
Muli ngang sinabi niya sa kanila, Yayaon ako, at ako'y inyong
hahanapin, at mangamamatay kayo sa inyong kasalanan:
sa aking paroroonan, ay hindi kayo mangakaparoroon. 22
Sinabi nga ng mga Judio, Siya kaya'y magpapakamatay,
sapagka't kaniyang sinabi, Sa aking paroroonan, ay hindi
kayo mangakaparoroon. 23 At sa kanila'y kaniyang sinabi,
Kayo'y mga taga ibaba; ako'y taga itaas: kayo'y mga taga
sanglibutang ito; ako'y hindi taga sanglibutang ito. 24 Sinabi
ko nga sa inyo, na kayo'y mangamamatay sa inyong mga
kasalanan: sapagka't malibang kayo'y magsisampalataya
na ako nga ang Cristo, ay mangamamatay kayo sa inyong
mga kasalanan. 25 Sa kaniya nga'y kanilang sinabi, Sino
ka baga? Sinabi sa kanila ni Jesus, Siya rin na sinalita ko
sa inyo mula pa nang una. 26 Mayroon akong maraming
bagay na sasalitain at hahatulan tungkol sa inyo: gayon pa
man ang nagsugo sa akin ay totoo; at ang mga bagay na
sa kaniya'y aking narinig, ang mga ito ang sinasalita ko
sa sanglibutan. 27 Hindi nila napagunawa na tungkol sa
Ama ang kaniyang sinasalita sa kanila. 28 Sinabi nga ni
Jesus, Kung maitaas na ninyo ang Anak ng tao, saka ninyo
makikilala na ako nga ang Cristo, at wala akong ginagawa
sa aking sarili, kundi sinalita ko ang mga bagay na ito,
ayon sa itinuro sa akin ng Ama. 29 At ang nagsugo sa
akin ay sumasa akin; hindi niya ako binayaang nagiisa;
sapagka't ginagawa kong lagi ang mga bagay na sa kaniya'y

nakalulugod. 30 Samantalang sinasalita niya ang mga bagay
na ito, ay maraming nagsisampalataya sa kaniya. 31 Sinabi
nga ni Jesus sa mga Judiong yaon na nagsisisampalataya
sa kaniya, Kung kayo'y magsisipanatili sa aking salita, kung
magkagayo'y tunay nga kayong mga alagad ko; 32 At
inyong makikilala ang katotohanan, at ang katotohana'y
magpapalaya sa inyo. 33 Sa kaniya'y kanilang isinagot,
Kami'y binhi ni Abraham, at kailan ma'y hindi pa naging alipin
ninomang tao: paanong sinasabi mo, Kayo'y magiging laya?
34 Sinagot sila ni Jesus, Katotohanan, katotohanang sinasabi
ko sa inyo, Ang bawa't nagkakasala ay alipin ng kasalanan.
35 At ang alipin ay hindi nananahan sa bahay magpakailan
man: ang anak ang nananahan magpakailan man. **(aiōn g165)**
36 Kung palayain nga kayo ng Anak, kayo'y magiging tunay
na laya. 37 Talastas ko na kayo'y binhi ni Abraham; gayon
ma'y pinagsisikapan ninyong ako'y patayin, sapagka't ang
salita ko'y hindi magkasiya sa inyo. 38 Sinasalita ko ang mga
bagay na aking nakita sa aking Ama: at ginagawa rin ninyo
ang mga bagay na inyong narinig sa inyong Ama. 39 Sila'y
nagsisagot at sa kaniya'y sinabi, Si Abraham ang aming
ama. Sa kanila'y sinabi ni Jesus, Kung kayo'y mga anak ni
Abraham, ay gagawin ninyo ang mga gawa ni Abraham. 40
Datapuwa't ngayo'y pinagsisikapan ninyo akong patayin, na
taong sa inyo'y nagsaysay ng katotohanan, na aking narinig
sa Dios: ito'y hindi ginawa ni Abraham. 41 Ginagawa ninyo
ang mga gawa ng inyong ama. Sinabi nila sa kaniya, Hindi
kami inianak sa pakikiapid; may isang Ama kami, ang Dios.
42 Sinabi sa kanila ni Jesus, Kung ang Dios ang inyong ama,
ay inyong iibigin ako: sapagka't ako'y nagmula at nanggaling
sa Dios; sapagka't hindi ako naparito sa aking sarili, kundi
sinugo niya ako. 43 Bakit hindi ninyo napaguunawa ang aking
pananalita? sapagka't hindi ninyo mangyayaring dinggin
ang aking salita. 44 Kayo'y sa inyong amang diablo, at
ang mga nais ng inyong ama ang ibig ninyong gawin.
Siya'y isang mamamatay-tao buhat pa nang una, at hindi
nananatili sa katotohanan, sapagka't walang katotohanan
sa kaniya. Pagka nagsasalita siya ng kasinungalingan, ay
nagsasalita siya ng sa ganang kaniya: sapagka't siya'y isang
sinungaling, at ama nito. 45 Nguni't dahil sa sinasabi ko
ang katotohanan, ay hindi ninyo ako sinasampalatayanan.
46 Sino sa inyo ang makasusumbat sa akin tungkol sa
kasalanan? Kung sinasabi ko ang katotohanan, bakit hindi
ninyo ako sinasampalatayanan? 47 Ang sa Dios ay nakikinig
ng mga salita ng Dios: dahil dito'y hindi ninyo dinirinig,
sapagka't kayo'y hindi sa Dios. 48 Nagsisagot ang mga
Judio at sa kaniya'y sinabi, Hindi baga magaling ang aming
pagkasabi na ikaw ay isang Samaritano, at mayroon kang
demonio? 49 Sumagot si Jesus, Ako'y walang demonio;
kundi pinapupurihan ko ang aking Ama, at ako'y inyong
sinisiraan ng puri. 50 Nguni't hindi ko hinahanap ang aking
sariling kaluwalhatian: may isang humahanap at humahatol.
51 Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, Kung ang
sinoman ay tutupad ng aking salita, ay hindi siya makakakita
magpakailan man ng kamatayan. **(aiōn g165)** 52 Sinabi ng
mga Judio sa kaniya, Ngayo'y nalalaman naming mayroon
kang demonio. Namatay si Abraham, at ang mga propeta; at
sinasabi mo, Kung ang sinoman ay tutupad ng aking salita,
ay hindi niya matitikman magpakailan man ang kamatayan.
**(aiōn g165)** 53 Dakila ka pa baga sa aming amang Abraham,
na namatay? at nangamatay ang mga propeta: sino ang
ipinalalagay mo sa iyong sarili? 54 Sumagot si Jesus, Kung
niluluwalhati ko ang aking sarili, ang kaluwalhatian ko ay
walang anoman: ang aking Ama'y siyang lumuluwalhati sa
akin; na tungkol sa kaniya'y sinasabi ninyo, na siya'y inyong
Dios; 55 At hindi ninyo siya napagkilala: nguni't nakikilala ko
siya; at kung aking sasabihin, na hindi ko siya nakikilala,
ay ako'y matutulad sa inyo, na sinungaling: datapuwa't
nakikilala ko siya, at tinutupad ko ang kaniyang salita. 56
Nagalak ang inyong amang si Abraham na makita ang aking
araw; at nakita niya, at natuwa. 57 Sinabi nga sa kaniya ng
mga Judio, Wala ka pang limangpung taon, at nakita mo
si Abraham? 58 Sinabi sa kanila ni Jesus, Katotohanan,
katotohanang sinasabi ko sa inyo, Bago ipinanganak si
Abraham, ay ako nga. 59 Sila nga'y nagsidampot ng mga
bato upang ihagis sa kaniya: datapuwa't nagtago si Jesus,
at lumabas sa templo.

9 At sa pagdaraan niya, ay nakita niya ang isang lalaking
bulag mula sa kaniyang kapanganakan. 2 At itinanong sa
kaniya ng kaniyang mga alagad, na nangagsasabi, Rabi,
sino ang nagkasala, ang taong ito, o ang kaniyang mga
magulang, upang siya'y ipanganak na bulag? 3 Sumagot
si Jesus, Hindi dahil sa ang taong ito'y nagkasala, ni ang
kaniyang mga magulang man: kundi upang mahayag sa
kaniya ang mga gawa ng Dios. 4 Kinakailangan nating
gawin ang mga gawa niyaong nagsugo sa akin, samantalang
araw: dumarating ang gabi, na walang taong makagagawa.
5 Samantalang ako'y nasa sanglibutan, ako ang ilaw ng
sanglibutan. 6 Nang masabi niya ang ganito, siya'y lumura
sa lupa, at pinapagputik ang lura, at pinahiran ang mga
mata niya ng putik, 7 At sinabi sa kaniya, Humayo ka,
maghugas ka sa tangke ng Siloe (na kung liliwanagin ay
Sinugo). Siya nga'y humayo, at naghugas, at nagbalik na
nakakakita. 8 Ang mga kapitbahay nga, at ang nangakakita
sa kaniya nang una, na siya'y pulubi, ay nangagsabi, Hindi
baga ito ang nauupo at nagpapalimos? 9 Sinabi ng mga
iba, Siya nga: sinabi ng mga iba, Hindi, kundi nakakamukha
niya. Sinabi niya, Ako nga. 10 Sa kaniya nga'y kanilang
sinabi, Paano nga ang pagkadilat ng iyong mga mata? 11

Sumagot siya, Ang lalaking tinatawag na Jesus ay gumawa
ng putik, at pinahiran ang aking mga mata, at sinabi sa
akin, Humayo ka sa Siloe, at maghugas ka: kaya't ako'y
humayo at naghugas, at ako'y tumanggap ng paningin. **12** At
sinabi nila sa kaniya, Saan naroon siya? Sinabi niya, Hindi
ko nalalaman. **13** Dinala nila sa mga Fariseo siya na nang
una'y bulag. **14** Araw nga ng sabbath nang gumawa ng
putik si Jesus, at padilatin ang kaniyang mga mata. **15** Muli
ngang tinanong naman siya ng mga Fariseo kung paanong
tumanggap siya ng kaniyang paningin. At sinabi niya sa
kanila, Nilagyan niya ng putik ang ibabaw ng aking mga
mata, at naghugas ako, at ako'y nakakakita. **16** Ang ilan nga
sa mga Fariseo ay nangagsabi, Ang taong ito'y hindi galing
sa Dios, sapagka't hindi nangingilin sa sabbath. Datapuwa't
sinasabi ng mga iba, Paano bagang makagagawa ng gayong
mga tanda ang isang taong makasalanan? At nagkaroon ng
pagkakabahabahagi sa gitna nila. **17** Muling sinabi nga nila
sa bulag, Ano ang sabi mo tungkol sa kaniya, na siyang
nagpadilat ng iyong mga mata? At kaniyang sinabi, Siya'y
isang propeta. **18** Hindi nga nagsipaniwala ang mga Judio
tungkol sa kaniya, na siya'y naging bulag, at tumanggap ng
kaniyang paningin, hanggang sa kanilang tinawag ang mga
magulang niyaong tumanggap ng kaniyang paningin, **19** At
nangagtanong sa kanila, na sinasabi, Ito baga ang inyong
anak, na sinasabi ninyong ipinanganak na bulag? paano
ngang nakakakita siya ngayon? **20** Nagsisagot ang kaniyang
mga magulang, at nangagsabi, Nalalaman naming ito'y
aming anak, at siya'y ipinanganak na bulag: **21** Datapuwa't
kung paanong siya'y nakakakita ngayon, ay hindi namin
nalalaman; o kung sino ang nagpadilat ng kaniyang mga
mata, ay hindi namin nalalaman: tanungin siya; siya'y may
gulang na; siya'y magsasalita para sa sarili niya. **22** Ang mga
bagay na ito'y sinabi ng kaniyang mga magulang, sapagka't
nangatatakot sa mga Judio: sapagka't pinagkaisahan na ng
mga Judio, na kung ang sinomang tao'y ipahayag siya na
siya ang Cristo, ay palayasin siya sa sinagoga. **23** Kaya't
sinabi ng kaniyang mga magulang, Siya'y may gulang na;
tanungin siya. **24** Dahil dito'y tinawag nilang bilang ikalawa
ang taong naging bulag, at sinabi sa kaniya, Luwalhatiin mo
ang Dios: nalalaman naming makasalanan ang taong ito. **25**
Sumagot nga siya, Kung siya'y makasalanan ay hindi ko
nalalaman: isang bagay ang nalalaman ko, na, bagaman
ako'y naging bulag, ngayo'y nakakakita ako. **26** Sinabi nga
nila sa kaniya, Ano ang ginawa niya sa iyo? paano ang
pagkapadilat niya sa iyong mga mata? **27** Sinagot niya sila,
Kasasabi ko lamang sa inyo, at hindi ninyo pinakinggan; bakit
ibig ninyong marinig uli? ibig baga naman ninyong kayo'y
maging mga alagad niya? **28** At siya'y kanilang inalipusta, at
sinabi, Ikaw ang alagad niya; datapuwa't kami'y mga alagad
ni Moises. **29** Nalalaman naming nagsalita ang Dios kay
Moises: datapuwa't tungkol sa taong ito, ay hindi namin
nalalaman kung taga saan siya. **30** Sumagot ang tao at sa
kanila'y sinabi, Narito nga ang kagilagilalas, na hindi ninyo
nalalaman kung siya'y taga saan, at gayon ma'y pinadilat
niya ang aking mga mata. **31** Nalalaman naming hindi
pinakikinggan ng Dios ang mga makasalanan: datapuwa't
kung ang sinomang tao'y maging mananamba sa Dios, at
ginagawa ang kaniyang kalooban, siya'y pinakikinggan niya.
**32** Buhat nang lalangin ang sanglibutan ay hindi narinig
kailan man na napadilat ng sinoman ang mga mata ng isang
taong ipinanganak na bulag. **(aiōn g165)** **33** Kung ang taong
ito'y hindi galing sa Dios, ay hindi makagagawa ng anoman.
**34** Sila'y nagsisagot at sa kaniya'y sinabi, Ipinanganak kang
lubos sa mga kasalanan, at ikaw baga ang nagtuturo sa
amin? At siya'y pinalayas nila. **35** Nabalitaan ni Jesus na
siya'y pinalayas nila; at pagkasumpong sa kaniya, ay sinabi
niya, Sumasampalataya ka baga sa Anak ng Dios? **36**
Sumagot siya at sinabi. At sino baga siya, Panginoon, upang
ako'y sumampalataya sa kaniya? **37** Sinabi sa kaniya ni
Jesus, Siya'y nakita mo na, at siya nga na nakikipagsalitaan
sa iyo. **38** At sinabi niya, Panginoon, sumasampalataya
ako. At siya'y sinamba niya. **39** At sinabi ni Jesus, Sa
paghatol ay naparito ako sa sanglibutang ito, upang ang
mga hindi nakakakita ay mangakakita; at upang ang mga
nakakakita, ay maging mga bulag. **40** Yaong mga Fariseo
na kasama niya ay nangakarinig ng mga bagay na ito, at
sinabi sa kaniya, Kami baga naman ay mga bulag din? **41**
Sa kanila'y sinabi ni Jesus, Kung kayo'y mga bulag, ay
hindi kayo magkakaroon ng kasalanan: datapuwa't ngayo'y
sinasabi ninyo, Kami'y nangakakakita: nananatili ang inyong
kasalanan.

**10** Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, Ang
pumapasok sa hindi pintuan ng kulungan ng mga tupa
kundi umaakyat sa ibang daan, ang gayon ay tulisan at
magnanakaw. **2** Datapuwa't ang pumapasok sa pintuan ay
siyang pastor ng mga tupa. **3** Binubuksan siya ng bantaypinto;
at dinirinig ng mga tupa ang kaniyang tinig: at tinatawag ang
kaniyang sariling mga tupa sa pangalan, at sila'y inihahatid sa
labas. **4** Pagka nailabas na niya ang lahat ng sariling kaniya,
ay pinangungunahan niya sila, at nagsisisunod sa kaniya
ang mga tupa: sapagka't nakikilala nila ang kaniyang tinig. **5**
At sa iba'y hindi sila magsisisunod, kundi magsisitakas sa
kaniya: sapagka't hindi nila nakikilala ang tinig ng mga iba. **6**
Sinalita ni Jesus sa kanila ang talinghagang ito: datapuwa't
hindi nila napagunawa kung anong mga bagay ang sa
kanila'y sinasalita. **7** Muli ngang sinabi sa kanila ni Jesus,
Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, Ako ang
pintuan ng mga tupa. **8** Ang lahat ng nangauna sa aking

nagsiparito ay mga magnanakaw at mga tulisan: datapuwa't
hindi sila dininig ng mga tupa. **9** Ako ang pintuan; ang
sinomang taong pumasok sa akin, ay siya'y maliligtas, at
papasok at lalabas, at makasusumpong ng pastulan. **10** Hindi
pumaparito ang magnanakaw, kundi upang magnakaw, at
pumatay, at pumuksa: ako'y naparito upang sila'y magkaroon
ng buhay, at magkaroon ng kasaganaan nito. **11** Ako ang
mabuting pastor: ibinibigay ng mabuting pastor ang kaniyang
buhay dahil sa mga tupa. **12** Ang nagpapaupa, at hindi
ang pastor, na hindi may-ari ng mga tupa, ay nakikitang
dumarating ang lobo, at pinababayaan ang mga tupa, at
tumatakas, at inaagaw sila ng lobo, at pinapangangalat:
**13** Siya'y tumatakas sapagka't siya'y upahan, at hindi
ipinagmamalasakit ang mga tupa. **14** Ako ang mabuting
pastor; at nakikilala ko ang sariling akin, at ang sariling akin
ay nakikilala ako, **15** Gaya ng pagkakilala sa akin ng Ama, at
ng sa Ama ay pagkakilala ko; at ibinibigay ko ang aking
buhay dahil sa mga tupa. **16** At mayroon akong ibang mga
tupa, na hindi sa kulungang ito: sila'y kailangan din namang
dalhin ko, at kanilang diringgin ang aking tinig; at sila'y
magiging isang kawan, at magkakaroon ng isang pastor.
**17** Dahil dito'y sinisinta ako ng Ama, sapagka't ibinibigay
ko ang aking buhay, upang kunin kong muli. **18** Sinoma'y
hindi nagaalis sa akin nito, kundi kusa kong ibinibigay. May
kapangyarihan akong magbigay nito, at may kapangyarihan
akong kumuhang muli. Tinanggap ko ang utos na ito sa aking
Ama. **19** At muling nagkaroon ng isang pagbabahabahagi sa
gitna ng mga Judio dahil sa mga salitang ito. **20** At sinasabi
ng marami sa kanila, Mayroon siyang demonio, at siya'y
nauulol; bakit ninyo siya pinakikinggan? **21** Sinasabi ng mga
iba, Hindi sa inaalihan ng demonio ang mga sabing ito.
Maaari bagang ang demonio ay makapagpadilat ng mga
mata ng bulag? **22** At niyao'y kapistahan ng pagtatalaga
sa Jerusalem: **23** Noo'y tagginaw; at naglalakad si Jesus
sa templo sa portiko ni Salomon. **24** Nilibot nga siya ng
mga Judio, at sa kaniya'y sinabi, Hanggang kailan mo pa
baga pagaalinlanganin kami? Kung ikaw ang Cristo, ay
sabihin mong maliwanag sa amin. **25** Sinagot sila ni Jesus,
Sinabi ko sa inyo, at hindi kayo nagsisampalataya: ang
mga gawang ginagawa ko sa pangalan ng aking Ama, ay
siyang nangagpapatotoo sa akin. **26** Datapuwa't hindi kayo
nagsisampalataya, sapagka't hindi kayo sa aking mga tupa.
**27** Dinirinig ng aking mga tupa ang aking tinig, at sila'y
aking nakikilala, at sila'y nagsisisunod sa akin: **28** At sila'y
binibigyan ko ng walang hanggang buhay; at kailan ma'y
hindi sila malilipol, at hindi sila aagawin ng sinoman sa aking
kamay. **(aiōn g165, aiōnios g166)** **29** Ang aking Ama, na sa
kanila ay nagbigay sa akin, ay lalong dakila kay sa lahat;
at hindi sila maaagaw ninoman sa kamay ng Ama. **30** Ako
at ang Ama ay iisa. **31** Nagsidampot uli ng mga bato ang
mga Judio upang siya'y batuhin. **32** Sinagot sila ni Jesus,
Maraming mabubuting gawa na mula sa Ama ang ipinakita
ko sa inyo; alin sa mga gawang yaon ang ibinabato ninyo sa
akin? **33** Sinagot siya ng mga Judio, Hindi dahil sa mabuting
gawa ay binabato ka namin, kundi sa pamumusong; at
sapagka't ikaw, bagaman ikaw ay tao, ay nagpapakunwari
kang Dios. **34** Sinagot sila ni Jesus, Hindi baga nasusulat
sa inyong kautusan, Aking sinabi, Kayo'y mga dios? **35**
Kung tinawag niyang mga dios, yaong mga dinatnan ng
salita ng Dios (at hindi mangyayaring sirain ang kasulatan),
**36** Sinasabi baga ninyo tungkol sa kaniya, na pinabanal
ng Ama at sinugo sa sanglibutan, Ikaw ay namumusong;
sapagka't sinasabi ko, Ako ang anak ng Dios? **37** Kung hindi
ko ginagawa ang mga gawa ng aking Ama, ay huwag ninyo
akong sampalatayanan. **38** Datapuwa't kung ginagawa ko,
ang mga yaon kahit hindi kayo magsisampalataya sa akin,
ay magsisampalataya kayo sa mga gawa; upang maalaman
ninyo at mapagunawa na ang Ama ay nasa akin, at ako'y
nasa Ama. **39** Muling pinagsikapan nilang siya'y hulihin: at
siya'y tumakas sa kanilang mga kamay. **40** At siya'y muling
naparoon sa dako pa roon ng Jordan sa dako nang una'y
pinagbautismuhan ni Juan; at siya'y tumira doon. **41** At
marami ang mga nagsiparoon sa kaniya; at kanilang sinabi,
Katotohanang si Juan ay hindi gumawa ng tanda: nguni't
lahat ng mga bagay na sinalita ni Juan tungkol sa taong
ito ay totoo. **42** At marami ang mga nagsisampalataya sa
kaniya roon.

**11** Isang tao nga na may-sakit, si Lazaro na taga Betania,
na nayon ni Maria at ni Marta na kaniyang kapatid.
**2** At ito'y yaong si Maria na nagpahid sa Panginoon ng
unguento, at kinuskos ang kaniyang mga paa ng kaniyang
mga buhok, na ang kaniyang kapatid na si Lazaro ay may-
sakit. **3** Nagpasugo nga sa kaniya ang mga kapatid na
babae, na nagsasabi, Panginoon, narito, siya na iyong
iniibig ay may-sakit. **4** Nguni't pagkarinig ni Jesus nito, ay
sinabi niya, Ang sakit na ito'y hindi sa ikamamatay, kundi
sa ikaluluwalhati ng Dios, upang ang Anak ng Dios ay
luwalhatiin sa pamamagitan niyaon. **5** Iniibig nga ni Jesus
si Marta, at ang kaniyang kapatid na babae, at si Lazaro.
**6** Nang mabalitaan nga niya na siya'y may-sakit, siya'y
tumahang dalawang araw nang panahong yaon sa dating
kinaroroonan niya. **7** Saka pagkatapos nito ay sinabi niya sa
mga alagad, Tayo nang muli sa Judea. **8** Sinabi sa kaniya ng
mga alagad, Rabi, ngayo'y pinagsisikapang batuhin ka ng
mga Judio; at muli kang paroroon doon? **9** Sumagot si Jesus,
Hindi baga ang araw ay may labingdalawang oras? Kung
ang isang tao'y lumalakad samantalang araw, ay hindi siya
natitisod, sapagka't nakikita niya ang ilaw ng sanglibutang ito.

10 Nguni't ang isang taong lumalakad samantalang gabi, ay
natitisod siya, sapagka't walang ilaw sa kaniya. 11 Ang mga
bagay na ito'y sinalita niya: at pagkatapos nito'y sinabi niya
sa kanila, Si Lazaro na ating kaibigan ay natutulog; nguni't
ako'y paroroon, upang gisingin ko siya sa pagkakatulog. 12
Sinabi nga ng mga alagad sa kaniya, Panginoon, kung siya'y
natutulog, ay siya'y gagaling. 13 Sinalita nga ni Jesus ang
tungkol sa kaniyang pagkamatay: datapuwa't sinapantaha
nila na ang sinalita ay ang karaniwang pagtulog. 14 Nang
magkagayon nga ay sinabi sa kanila ni Jesus ng malinaw, Si
Lazaro ay patay. 15 At ikinagagalak ko dahil sa inyo rin na
ako'y wala roon, upang kayo'y magsipaniwala; gayon ma'y
tayo na sa kaniya. 16 Si Tomas nga, na tinatawag na Didimo,
ay nagsabi sa mga kapuwa niya alagad, Tayo'y magsiparoon
din naman, upang tayo'y mangamatay na kasama niya. 17
Kaya't nang dumating si Jesus, ay naratnan niyang apat
na araw na siya'y nalilibing. 18 Ang Betania nga'y malapit
sa Jerusalem, na may layong labing-limang estadio; 19 At
marami sa mga Judio ang nangakaparoon na kay Marta at
kay Maria, upang sila'y aliwin tungkol sa kanilang kapatid. 20
Si Marta nga, nang marinig niyang si Jesus ay dumarating,
ay yumaon at sumalubong sa kaniya: nguni't si Maria ay
nanatiling nakaupo sa bahay. 21 Sinabi nga ni Marta kay
Jesus, Panginoon, kung ikaw sana'y narito, disin ang kapatid
ko ay hindi namatay. 22 At ngayon man nama'y nalalaman
ko na, anomang hingin mo sa Dios, ay ipagkakaloob sa
iyo ng Dios. 23 Sinabi sa kaniya ni Jesus, Magbabangon
uli ang iyong kapatid. 24 Si Marta ay nagsabi sa kaniya,
Nalalaman ko na siya'y magbabangon uli sa pagkabuhay
na maguli sa huling araw. 25 Sinabi sa kaniya ni Jesus,
Ako ang pagkabuhay na maguli, at ang kabuhayan: ang
sumasampalataya sa akin, bagama't siya'y mamatay, gayon
ma'y mabubuhay siya; 26 At ang sinomang nabubuhay at
sumasampalataya sa akin ay hindi mamamatay magpakailan
man. Sinasampalatayanan mo baga ito? **(aiōn g165)** 27 Sinabi
niya sa kaniya, Oo, Panginoon: sumasampalataya ako na
ikaw ang Cristo ang Anak ng Dios, sa makatuwid baga'y ang
napaparirito sa sanglibutan. 28 At nang masabi na niya ito, ay
yumaon siya, at tinawag ng lihim si Maria na kapatid niya,
na sinasabi, Ang Guro ay narito, at tinatawag ka. 29 At siya,
nang marinig niya ito, ay nagtindig na madali, at pumaroon
sa kaniya. 30 (Hindi pa nga dumarating si Jesus sa nayon,
kundi naroroon pa sa dakong kinasalubungan sa kaniya ni
Marta.) 31 Ang mga Judio nga na kaniyang mga kasama sa
bahay, at nangagsisialiw sa kaniya, pagkakita nilang si Maria,
na siya'y nagtindig na madali at lumabas, ay nagsisunod sa
kaniya, na inaakalang paroroon siya sa libingan upang doo'y
tumangis. 32 Si Maria nga, pagdating niya sa kinaroroonan
ni Jesus, at pagkakita sa kaniya, ay nagpatirapa sa kaniyang
paanan, na sinabi sa kaniya, Panginoon, kung ikaw sana'y
narito, disin ay hindi namatay ang aking kapatid. 33 Nang
makita nga ni Jesus na siya'y tumatangis, at gayon din ang
mga Judiong nagsisitangis na kasama niyang dumating, ay
nalagim siya sa espiritu, at nagulumihanan, 34 At sinabi,
Saan ninyo siya inilagay? Sinabi nila sa kaniya, Panginoon,
halika at tingnan mo. 35 Tumangis si Jesus. 36 Sinabi nga
ng mga Judio, Tingnan ninyo kung gaano ang pagibig niya
sa kaniya! 37 Datapuwa't ang ilan sa kanila'y nagsipagsabi,
Hindi baga magagawa ng taong ito, na nagpadilat ng mga
mata ng bulag, na ang taong ito naman ay huwag mamatay?
38 Si Jesus nga sa muling pagkalagim sa kaniyang sarili ay
naparoon sa libingan. Yaon nga'y isang yungib, at mayroong
isang batong nakatakip sa ibabaw noon. 39 Sinabi ni Jesus,
Alisin ninyo ang bato. Si Marta, na kapatid niyaong namatay,
ay nagsabi sa kaniya, Panginoon, sa ngayon ay nabubulok
na ang bangkay sapagka't may apat na araw nang siya'y
namamatay. 40 Sinabi sa kaniya ni Jesus, Di baga sinabi ko
sa iyo, na, kung ikaw ay sasampalataya, ay makikita mo ang
kaluwalhatian ng Dios? 41 Kaya't inalis nila ang bato. At
itiningin ni Jesus sa itaas ang kaniyang mga mata, at sinabi,
Ama, nagpapasalamat ako sa iyo, na ako'y iyong dininig. 42
At nalalaman ko na ako'y lagi mong diniriniq: nguni't ito'y
sinabi ko dahil sa karamihang nasa palibot, upang sila'y
magsisampalataya na ikaw ang nagsugo sa akin. 43 At nang
masabi niya ang gayon, ay sumigaw siya ng malakas na
tinig, Lazaro, lumabas ka. 44 Siya na patay ay lumabas,
na natatalian ang mga kamay at mga paa ng mga kayong
panglibing; at ang kaniyang mukha ay nababalot ng isang
panyo. Sinabi sa kanila ni Jesus, Siya'y inyong kalagan,
at bayaan ninyo siyang yumaon. 45 Marami nga sa mga
Judio ang nagsiparoon kay Maria at nangakakita ng ginawa
niya, ay nagsisampalataya sa kaniya. 46 Datapuwa't ang
ilan sa kanila ay nagsiparoon sa mga Fariseo, at sinaysay
sa kanila ang mga bagay na ginawa ni Jesus. 47 Ang
mga pangulong saserdote nga at ang mga Fariseo ay
nangagpulong, at nagsipagsabi, Ano ang ginagawa natin?
sapagka't ang taong ito'y gumagawa ng maraming tanda. 48
Kung siya'y ating pabayaang gayon, ang lahat ng mga tao
ay magsisisampalataya sa kaniya: at magsisiparito ang mga
Romano at pagkukunin ang ating kinaroroonan at gayon
din naman ang ating bansa. 49 Nguni't ang isa sa kanila
na si Caifas, na dakilang saserdote nang taong yaon, ay
nagsabi sa kanila, Kayo'y walang nalalamang anoman. 50 Ni
inyong niwawari na sa inyo'y nararapat na ang isang tao
ay mamatay dahil sa bayan, at hindi ang buong bansa ay
mapahamak. 51 Ito nga'y sinabi niya na hindi sa kaniyang
sarili: kundi palibhasa ay dakilang saserdote nang taong
yaon, ay hinulaan niya na si Jesus ay dapat mamatay

dahil sa bansa; 52 At hindi dahil sa bansa lamang, kundi
upang matipon din naman niya sa isa ang mga anak ng
Dios na nagsisipangalat. 53 Kaya't mula nang araw na yaon
ay pinagsanggunianan nilang ipapatay siya. 54 Si Jesus
ay hindi na naglalakad ng hayag sa gitna ng mga Judio,
kundi naparoon doon sa lupaing malapit sa ilang, sa isang
bayan na tinatawag na Efraim; at siya'y nanahanan doong
kasama ng mga alagad. 55 Ang paskua nga ng mga Judio
ay malapit na: at maraming nagsiahon sa Jerusalem mula
sa lupaing yaon bago magpaskua, upang magsipaglinis.
56 Pinaghahanap nga nila si Jesus, at pinaguusapan ng
isa't isa, samantalang nangakatayo sila sa templo, Anong
akala ninyo? Na hindi na kaya siya paririto sa pista? 57
Ang mga pangulong saserdote at ang mga Fariseo nga ay
nangagutos, na, kung ang sinomang tao'y nakakaalam ng
kung saan siya naroroon, ay dapat niyang ihayag, upang
kanilang madakip siya.

**12** Anim na araw nga bago magpaskua ay naparoon
si Jesus sa Betania, na kinaroroonan ni Lazaro, na
ibinangon ni Jesus mula sa mga patay. 2 Kaya't iginawa
siya doon ng isang hapunan: at si Marta ay naglilingkod;
datapuwa't si Lazaro ay isa sa nangakaupo sa pagkain na
kasalo niya. 3 Si Maria nga'y kumuha ng isang libra ng
unguentong taganas na nardo, na totoong mahalaga, at
pinahiran ang mga paa ni Jesus, at kinuskos ang kaniyang
mga paa ng kaniyang mga buhok: at ang bahay ay napuno
ng amoy ng unguento. 4 Datapuwa't si Judas Iscariote, na
isa sa kaniyang mga alagad, na sa kaniya'y magkakanulo,
ay nagsabi, 5 Bakit hindi ipinagbili ang unguentong ito
ng tatlong daang denario, at ibigay sa mga dukha? 6
Ito'y sinabi nga niya, hindi sapagka't ipinagmalasakit niya
ang mga dukha; kundi sapagka't siya'y magnanakaw, at
yamang nasa kaniya ang supot ay kinukuha niya ang
doon ay inilalagay. 7 Sinabi nga ni Jesus, Pabayaan
ninyong ilaan niya ito ukol sa araw ng paglilibing sa akin.
8 Sapagka't ang mga dukha ay laging nasa inyo; nguni't
ako'y hindi laging nasa inyo. 9 Ang karaniwang mga tao
nga sa mga Judio ay naalaman na siya'y naroroon: at
sila'y nagsiparoon, hindi dahil kay Jesus lamang, kundi
upang makita nila si Lazaro naman, na muling ibinangon
niya mula sa mga patay. 10 Datapuwa't nangagsanggunian
ang mga pangulong saserdote upang kanilang maipapatay
pati si Lazaro; 11 Sapagka't dahil sa kaniya'y marami sa
mga Judio ang nagsisialis at nagsisipanampalataya kay
Jesus. 12 Nang kinabukasan ang isang malaking karamihan
na nagsiparoon sa pista, pagkabalita nila na si Jesus ay
dumarating sa Jerusalem, 13 Ay nagsikuha ng mga palapa
ng mga puno ng palma, at nagsilabas na sumalubong sa
kaniya, na nagsisigawan, Hosanna: Mapalad ang pumaparito
sa pangalan ng Panginoon, sa makatuwid baga'y ang Hari
ng Israel. 14 At si Jesus, pagkasumpong sa isang batang
asno, ay sumakay doon, gaya ng nasusulat, 15 Huwag kang
matakot, anak na babae ng Sion: narito, ang iyong Hari ay
pumaparito, na nakasakay sa isang anak ng asno. 16 Ang
mga bagay na ito ay hindi napagunawa ng kaniyang mga
alagad sa pasimula: nguni't nang si Jesus ay maluwalhati
na, ay saka nila naalaala na ang mga bagay na ito ay sinulat
tungkol sa kaniya, at kanilang ginawa ang mga bagay na
ito sa kaniya. 17 Ang karamihan ngang kasama niya nang
tawagin niya si Lazaro mula sa libingan, at siya'y ibangon
sa mga patay, ay siyang nangagpapatotoo. 18 Dahil dito
rin naman ang karamihan ay nagsiyaon at sumalubong sa
kaniya, sapagka't nabalitaan nila na siyang gumawa ng
tandang ito. 19 Ang mga Fariseo nga'y nangagsangusapan,
Tingnan ninyo kung paanong kayo'y walang anomang
ikapanaig; narito, ang sanglibutan ay sumusunod sa kaniya.
20 Mayroon ngang ilang Griego sa nagsiahon sa kapistahan
upang magsisamba: 21 Ang mga ito nga'y nagsilapit kay
Felipe, na taga Betsaida ng Galilea, at nagsipamanhik sa
kaniya, na sinasabi, Ginoo, ibig sana naming makita si
Jesus. 22 Lumapit si Felipe at sinabi kay Andres: lumapit
si Andres, at si Felipe, at kanilang sinabi kay Jesus. 23
At sinagot sila ni Jesus, na nagsasabi, Dumating na ang
oras, na ang Anak ng tao ay luluwalhatiin. 24 Katotohanan,
katotohanang sinasabi ko sa inyo, Maliban ang butil ng
trigo ay mahulog sa lupa at mamatay, ay natitira siyang
magiisa; nguni't kung mamatay, ay nagbubunga ng marami.
25 Ang umiibig sa kaniyang buhay ay mawawalan nito; at
ang napopoot sa kaniyang buhay sa sanglibutang ito ay
maiingatan yaon sa buhay na walang hanggan. **(aiōnios
g166)** 26 Kung ang sinomang tao'y naglilingkod sa akin, ay
sumunod sa akin; at kung saan ako naroroon, ay doon
naman doroon ang lingkod ko: kung ang sinomang tao'y
maglingkod sa akin, ay siya'y pararangalan ng Ama. 27
Ngayon ay nagugulumihanan ang aking kaluluwa; at ano ang
aking sasabihin? Ama, iligtas mo ako sa oras na ito. Nguni't
dahil dito ay naparito ako sa oras na ito. 28 Ama, luwalhatiin
mo ang iyong pangalan. Dumating nga ang isang tinig na
mula sa langit, na nagsasabi, Niluwalhati ko na, at muli
kong luluwalhatiin. 29 Ang karamihan ngang nangaroroon, at
nangakarinig, ay nagsipagsabing kumulog: sinabi ng mga
iba, Isang anghel ang nakipagusap sa kaniya. 30 Sumagot
si Jesus at sinabi, Ang tinig na ito'y hindi dumating dahil
sa akin, kundi dahil sa inyo. 31 Ngayon ang paghatol sa
sanglibutang ito: ngayon ang prinsipe ng sanglibutang ito
ay palalayasin. 32 At ako, kung ako'y mataas na mula
sa lupa, ang lahat ng mga tao ay palalapitin ko sa akin
din. 33 Datapuwa't ito'y sinabi niya, na ipinaaalam kung sa

anong kamatayan ang ikamamatay niya. 34 Sinagot nga
siya ng karamihan, Aming narinig sa kautusan na ang Cristo
ay lumalagi magpakailan man: at paanong sinasabi mo,
Kinakailangan na ang Anak ng tao ay mataas? sino ang
Anak ng taong ito? (aiōn g165) 35 Sinabi nga sa kanila ni
Jesus, Kaunting panahon na lamang sasagitna ninyo ang
ilaw. Kayo'y magsilakad samantalang nasa inyo ang ilaw,
upang huwag kayong abutin ng kadiliman: at ang lumalakad
sa kadiliman ay hindi nalalaman kung saan siya tutungo.
36 Samantalang nasa inyo ang ilaw, ay magsisampalataya
kayo sa ilaw, upang kayo'y maging mga anak ng ilaw. Ang
mga bagay na ito'y sinalita ni Jesus, at siya'y umalis at
nagtago sa kanila. 37 Nguni't bagaman gumawa siya sa
harap nila ng gayon maraming mga tanda, gayon ma'y hindi
sila nagsisampalataya sa kaniya: 38 Upang maganap ang
salita ng propeta Isaias, na kaniyang sinalita, Panginoon,
sino ang naniwala sa aming balita? At kanino nahayag ang
bisig ng Panginoon? 39 Dahil dito'y hindi sila makapaniwala,
sapagka't muling sinabi ni Isaias, 40 Binulag niya ang
kanilang mga mata, at pinatigas niya ang kanilang mga
puso; Baka sila'y mangakakita ng kanilang mga mata, at
mangakaunawa ng kanilang puso At mangagbalik-loob, At
sila'y mapagaling ko. 41 Ang mga bagay na ito'y sinabi ni
Isaias, sapagka't nakita niya ang kaniyang kaluwalhatian;
at siya'y nagsalita ng tungkol sa kaniya. 42 Gayon man
maging sa mga pinuno ay maraming nagsisampalataya
sa kaniya; datapuwa't dahil sa mga Fariseo ay hindi nila
ipinahayag, baka sila'y mapalayas sa sinagoga: 43 Sapagka't
iniibig nila ng higit ang kaluwalhatian sa mga tao kay
sa kaluwalhatian sa Dios. 44 At si Jesus ay sumigaw at
nagsabi, Ang sumasampalataya sa akin, ay hindi sa akin
sumasampalataya, kundi doon sa nagsugo sa akin. 45 At
ang nakakita sa akin, ay nakakita doon sa nagsugo sa
akin. 46 Ako'y naparito na isang ilaw sa sanglibutan, upang
ang sinomang sumampalataya sa akin ay huwag manatili
sa kadiliman. 47 At kung ang sinomang tao'y nakikinig sa
aking mga pananalita, at hindi ingatan, ay hindi ko siya
hinahatulan: sapagka't hindi ako naparito upang humatol
sa sanglibutan, kundi upang iligtas ang sanglibutan. 48
Ang nagtatakuwil sa akin, at hindi tumatanggap sa aking
mga pananalita, ay mayroong isang hahatol sa kaniya: ang
salitang aking sinalita, ay siyang sa kaniya'y hahatol sa
huling araw. 49 Sapagka't ako'y hindi nagsasalita na mula sa
aking sarili; kundi ang Ama na sa akin ay nagsugo, ay siyang
nagbigay sa akin ng utos, kung ano ang dapat kong sabihin,
at kung ano ang dapat kong salitain. 50 At nalalaman ko na
ang kaniyang utos ay buhay na walang hanggan; ang mga
bagay nga na sinasalita ko, ay ayon sa sinabi sa akin ng
Ama, gayon ko sinasalita. (aiōnios g166)

13 Bago nga magpista ng paskua, sa pagkaalam ni Jesus
na dumating na ang kaniyang oras ng paglipat niya
mula sa sanglibutang ito hanggang sa Ama, sa pagkaibig
sa mga kaniya na nangasa sanglibutan, ay inibig niya sila
hanggang sa katapusan. 2 At habang humahapon, nang
mailagay na ng diablo sa puso ni Judas Iscariote, na anak
ni Simon, ang pagkakanulo sa kaniya. 3 Si Jesus, sa
pagkatalastas na ibinigay na ng Ama ang lahat ng mga
bagay sa kaniyang mga kamay, at siya'y nanggaling sa Dios,
at sa Dios din paroroon, 4 Ay nagtindig sa paghapon, at
itinabi ang kaniyang mga damit; at siya'y kumuha ng isang
toalya, at ibinigkis sa kaniyang sarili. 5 Nang magkagayo'y
nagsalin ng tubig sa kamaw, at pinasimulang hugasan ang
mga paa ng mga alagad, at kinuskos ng toalya na sa kaniya'y
nakabigkis. 6 Sa gayo'y lumapit siya kay Simon Pedro.
Sinabi niya sa kaniya, Panginoon, huhugasan mo baga ang
aking mga paa? 7 Sumagot si Jesus at sa kaniya'y sinabi,
Ang ginagawa ko'y hindi mo nalalaman ngayon; datapuwa't
mauunawa mo pagkatapos. 8 Sinabi sa kaniya ni Pedro,
Huwag mong huhugasan ang aking mga paa kailan man.
Sinagot siya ni Jesus, Kung hindi kita huhugasan, ay hindi
ka magkakaroon ng bahagi sa akin. (aiōn g165) 9 Sinabi sa
kaniya ni Simon Pedro, Panginoon, hindi ang aking mga
paa lamang, kundi pati ng aking mga kamay at ang aking
ulo. 10 Sinabi sa kaniya ni Jesus, Ang napaliguan na ay
walang kailangang hugasan maliban ang kaniyang mga
paa, sapagka't malinis nang lubos: at kayo'y malilinis na,
nguni't hindi ang lahat. 11 Sapagka't nalalaman niya ang
sa kaniya'y magkakanulo; kaya't sinabi niya, Hindi kayong
lahat ay malilinis. 12 Kaya't nang mahugasan niya ang
kanilang mga paa, at makuha ang kaniyang mga damit at
muling maupo, ay sinabi niya sa kanila, Nalalaman baga
ninyo kung ano ang ginawa ko sa inyo? 13 Tinatawag ninyo
akong Guro, at Panginoon: at mabuti ang inyong sinasabi;
sapagka't ako nga. 14 Kung ako nga, na Panginoon at Guro,
ay naghugas ng inyong mga paa, kayo naman ay nararapat
ding mangaghugasan ng mga paa ng isa't isa. 15 Sapagka't
kayo'y binigyan ko ng halimbawa, upang gawin naman ninyo
ayon sa ginawa ko sa inyo. 16 Katotohanan, katotohanang
sinasabi ko sa inyo, Ang alipin ay hindi dakila kay sa kaniyang
panginoon; ni ang sinugo man ay dakila kay sa nagsugo sa
kaniya. 17 Kung nalalaman ninyo ang mga bagay na ito,
kayo ay mapapalad kung inyong mga gawin. 18 Hindi ko
sinasalita tungkol sa inyong lahat: nalalaman ko ang aking
mga hinirang: nguni't upang matupad ang kasulatan, Ang
kumakain ng aking tinapay ay nagtaas ng kaniyang sakong
laban sa akin. 19 Mula ngayon ay sinasalita ko sa inyo bago
mangyari, upang, pagka nangyari, kayo'y magsisampalataya
na ako nga. 20 Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa

inyo, Ang tumatanggap sa sinoman sinusugo ko ay ako ang
tinatanggap; at ang tumatanggap sa akin ay tinatanggap
ang nagsugo sa akin. 21 Nang masabing gayon ni Jesus,
siya'y nagulumihanan sa espiritu, at pinatotohanan, at
sinabi, Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, na
ako'y ipagkakanulo ng isa sa inyo. 22 Ang mga alagad ay
nangagtingintinginan, na nangagaalinlangan kung kanino
niya sinasalita. 23 Sa dulang ay may isa sa kaniyang mga
alagad, na minamahal ni Jesus na nakahilig sa sinapupunan
ni Jesus. 24 Hinudyatan nga siya ni Simon Pedro, at sinabi
sa kaniya, Sabihin mo sa amin kung sino ang sinasalita
niya. 25 Ang nakahilig nga sa dibdib ni Jesus ay nagsabi sa
kaniya, Panginoon, sino yaon? 26 Sumagot nga si Jesus,
Yaong aking ipagsawsaw at bigyan ng tinapay ay siya nga.
Kaya't nang maisawsaw niya ang tinapay, ay kinuha niya
at ibinigay niya kay Judas, na anak ni Simon Iscariote. 27
At pagkatapos na maisubo, si Satanas nga ay pumasok
sa kaniya. Sinabi nga sa kaniya ni Jesus, Ang ginagawa
mo, ay gawin mong madali. 28 Hindi nga natalastas ng
sinomang nasa dulang kung sa anong kadahilanan sinalita
niya ito. 29 Sapagka't iniisip ng ilan, na sapagka't si Judas
ang may tangan ng supot, ay sinabi ni Jesus sa kaniya,
Bumili ka ng mga bagay na ating kailangan sa pista; o,
magbigay siya ng anoman sa mga dukha. 30 Nang kaniya
ngang matanggap ang subo ay umalis agad: at noo'y gabi
na. 31 Nang siya nga'y makalabas na, ay sinabi ni Jesus,
Ngayon ay niluluwalhati ang Anak ng tao, at ang Dios ay
niluluwalhati sa kaniya: 32 At luluwalhatiin siya ng Dios
sa kaniyang sarili, at pagdaka'y luluwalhatiin siya niya. 33
Maliliit na anak, sumasa inyo pa ako ng kaunting panahon.
Ako'y inyong hahanapin: at gaya ng sinabi ko sa mga Judio,
Sa paroroonan ko, ay hindi kayo mangakaparoon: gayon
ang sinasabi ko sa inyo ngayon. 34 Isang bagong utos ang
sa inyo'y ibinibigay ko, na kayo'y mangagibigan sa isa't
isa: na kung paanong iniibig ko kayo, ay mangagibigan
naman kayo sa isa't isa. 35 Sa ganito'y mangakikilala ng
lahat ng mga tao na kayo ay aking mga alagad, kung kayo'y
may pagibig sa isa't isa. 36 Sinabi sa kaniya ni Simon
Pedro, Panginoon, saan ka paroroon? Sumagot si Jesus, Sa
paroroonan ko, ay hindi ka makasusunod sa akin ngayon:
nguni't pagkatapos ay makasusunod ka. 37 Sinabi sa kaniya
ni Pedro, Panginoon, bakit hindi ako makasusunod sa iyo
ngayon? Ang aking buhay ay ibibigay ko dahil sa inyo. 38
Sumagot si Jesus. Ang buhay mo baga'y iyong ibibigay
dahil sa akin? Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa
iyo, Hindi titilaok ang manok, hanggang ikaila mo akong
makaitlo.

14 Huwag magulumihanan ang inyong puso:
magsisampalataya kayo sa Dios, magsisampalataya
naman kayo sa akin. 2 Sa bahay ng aking Ama ay
maraming tahanan; kung di gayon, ay sinabi ko sana sa
inyo; sapagka't ako'y paroroon upang ipaghanda ko kayo ng
dakong kalalagyan. 3 At kung ako'y pumaroon at kayo'y
maipaghanda ng kalalagyan, ay muling paririto ako, at
kayo'y tatanggapin ko sa aking sarili; upang kung saan
ako naroroon, kayo naman ay dumoon. 4 At kung saan
ako paroroon, ay nalalaman ninyo ang daan. 5 Sinabi sa
kaniya ni Tomas, Panginoon, hindi namin nalalaman kung
saan ka paroroon; paano ngang malalaman namin ang
daan? 6 Sinabi sa kaniya ni Jesus, Ako ang daan, at ang
katotohanan, at ang buhay: sinoman ay di makaparoroon sa
Ama, kundi sa pamamagitan ko. 7 Kung ako'y nangakilala
ninyo ay mangakikilala ninyo ang aking Ama: buhat ngayon
siya'y inyong mangakikilala, at siya'y inyong nakita. 8 Sinabi
sa kaniya ni Felipe, Panginoon, ipakita mo sa amin ang
Ama, at sukat na ito sa amin. 9 Sinabi sa kaniya ni Jesus,
Malaon nang panahong ako'y inyong kasama, at hindi mo
ako nakikilala, Felipe? ang nakakita sa akin ay nakakita
sa Ama; paanong sinasabi mo, Ipakita mo sa amin ang
Ama? 10 Hindi ka baga nananampalataya na ako'y nasa
Ama, at ang Ama ay nasa akin? ang mga salitang aking
sinasabi sa inyo'y hindi ko sinasalita sa aking sarili: kundi
ang Ama na tumatahan sa akin ay gumagawa ng kaniyang
mga gawa. 11 Magsisampalataya kayo sa akin na ako'y
nasa Ama, at ang Ama ay nasa akin: o kungdi kaya'y
magsisampalataya kayo sa akin dahil sa mga gawa rin. 12
Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, Ang sa akin
ay sumasampalataya, ay gagawin din naman niya ang mga
gawang aking ginagawa; at lalong dakilang mga gawa kay
sa rito ang gagawin niya; sapagka't ako'y paroroon sa Ama.
13 At ang anomang inyong hingin sa aking pangalan, ay
yaon ang aking gagawin, upang ang Ama ay lumuwalhati
sa Anak. 14 Kung kayo'y magsisihingi ng anoman sa
pangalan ko, ay yaon ang aking gagawin. 15 Kung ako'y
inyong iniibig, ay tutuparin ninyo ang aking mga utos. 16 At
ako'y dadalangin sa Ama, at kayo'y bibigyan niya ng ibang
Mangaaliw, upang siyang suma inyo magpakailan man, **(aiōn
g165)** 17 Sa makatuwid baga'y ang Espiritu ng katotohanan:
na hindi matatanggap ng sanglibutan; sapagka't hindi nito
siya nakikita, ni nakikilala man siya: siya'y nakikilala ninyo;
sapagka't siya'y tumatahan sa inyo, at sasa inyo. 18 Hindi
ko kayo iiwang magisa: ako'y paririto sa inyo. 19 Kaunti
pang panahon, at hindi na ako makikita ng sanglibutan;
nguni't inyong makikita ako: sapagka't ako'y nabubuhay,
ay mangabubuhay rin naman kayo. 20 Sa araw na yao'y
makikilala ninyong ako'y nasa aking Ama, at kayo'y nasa
akin, at ako'y nasa inyo. 21 Ang mayroon ng aking mga
utos, at tinutupad ang mga yaon, ay siyang umiibig sa akin:

at ang umiibig sa akin ay iibigin ng aking Ama, at siya'y
iibigin ko, at ako'y magpapakahayag sa kaniya. **22** Si Judas
(hindi ang Iscariote) ay nagsabi sa kaniya, Panginoon, ano't
mangyayari na sa amin ka magpapakahayag, at hindi sa
sanglibutan? **23** Sumagot si Jesus at sinabi sa kaniya, Kung
ang sinoman ay umiibig sa akin, ay kaniyang tutuparin ang
aking salita: at siya'y iibigin ng aking Ama, at kami'y pasasa
kaniya, at siya'y gagawin naming aming tahanan. **24** Ang
hindi umiibig sa akin ay hindi tumutupad ng aking mga salita:
at ang salitang inyong narinig ay hindi akin, kundi sa Amang
nagsugo sa akin. **25** Ang mga bagay na ito'y sinalita ko sa
inyo, samantalang ako'y tumatahang kasama pa ninyo.
**26** Datapuwa't ang Mangaaliw, sa makatuwid baga'y ang
Espiritu Santo, na susuguin ng Ama sa aking pangalan,
siya ang magtuturo sa inyo ng lahat ng mga bagay, at
magpapaalaala ng lahat na sa inyo'y aking sinabi. **27** Ang
kapayapaan ay iniiwan ko sa inyo; ang aking kapayapaan ay
ibinibigay ko sa inyo: hindi gaya ng ibinibigay ng sanglibutan,
ang ibinibigay ko sa inyo. Huwag magulumihanan ang inyong
puso, ni matakot man. **28** Narinig ninyo kung paanong sinabi
ko sa inyo, Papanaw ako, at paririto ako sa inyo. Kung ako'y
inyong iniibig, kayo'y mangagagalak, dahil sa ako'y pasasa
Ama: sapagka't ang Ama ay lalong dakila kay sa akin. **29** At
ngayon ay sinabi ko sa inyo bago mangyari, upang, kung
ito'y mangyari, ay magsisampalataya kayo. **30** Hindi na ako
magsasalita pa ng marami sa inyo, sapagka't dumarating
ang prinsipe ng sanglibutan: at siya'y walang anoman sa
akin; **31** Datapuwa't upang maalaman ng sanglibutan na
ako'y umiibig sa Ama, at ayon sa kautusang ibinigay sa akin
ng Ama, ay gayon din ang aking ginagawa. Magsitindig
kayo, at magsialis tayo rito.

**15** Ako ang tunay na puno ng ubas, at ang aking Ama
ang magsasaka. **2** Ang bawa't sanga na sa akin ay
hindi nagbubunga, ay inaalis niya: at ang bawa't sanga na
nagbubunga ay nililinis niya, upang lalong magbunga. **3**
Kayo'y malilinis na sa pamamagitan ng salita na sa inyo'y
aking sinalita. **4** Kayo'y manatili sa akin, at ako'y sa inyo.
Gaya ng sanga na di makapagbunga sa kaniyang sarili
maliban na nakakabit sa puno; gayon din naman kayo,
maliban na kayo'y manatili sa akin. **5** Ako ang puno ng
ubas, kayo ang mga sanga: Ang nananatili sa akin, at ako'y
sa kaniya, ay siyang nagbubunga ng marami: sapagka't
kung kayo'y hiwalay sa akin ay wala kayong magagawa.
**6** Kung ang sinoman ay hindi manatili sa akin, ay siya'y
matatapong katulad ng sanga, at matutuyo; at mga titipunin
at mga ihahagis sa apoy, at mangasusunog. **7** Kung kayo'y
magsipanatili sa akin, at ang mga salita ko'y magsipanatili sa
inyo, ay hingin ninyo ang anomang inyong ibigin, at gagawin
sa inyo. **8** Sa ganito'y lumuluwalhati ang aking Ama, na
kayo'y magsipagbunga ng marami; at gayon kayo'y magiging
aking mga alagad. **9** Kung paanong inibig ako ng Ama,
ay gayon din naman iniibig ko kayo: magsipanatili kayo sa
aking pagibig. **10** Kung tinutupad ninyo ang aking mga utos,
ay magsisipanahan kayo sa aking pagibig; gaya ng aking
pagtupad sa mga utos ng aking Ama, at ako'y nananatili sa
kaniyang pagibig. **11** Ang mga bagay na ito ay sinalita ko sa
inyo, upang ang aking kagalakan ay mapasa inyo, at upang
ang inyong kagalakan ay malubos. **12** Ito ang aking utos, na
kayo'y mangagibigan sa isa't isa, na gaya ng pagibig ko sa
inyo. **13** Walang may lalong dakilang pagibig kay sa rito, na
ibigay ng isang tao ang kaniyang buhay dahil sa kaniyang
mga kaibigan. **14** Kayo'y aking mga kaibigan, kung gawin
ninyo ang mga bagay na aking iniuutos sa inyo. **15** Hindi ko
na kayo tatawaging mga alipin; sapagka't hindi nalalaman
ng alipin kung ano ang ginagawa ng kaniyang panginoon:
nguni't tinatawag ko kayong mga kaibigan; sapagka't ang
lahat ng mga bagay na narinig ko sa aking Ama ay mga
ipinakilala ko sa inyo. **16** Ako'y hindi ninyo hinirang, nguni't
kayo'y hinirang ko, at aking kayong inihalal, upang kayo'y
magsiyaon at magsipagbunga, at upang manatili ang inyong
bunga: upang ang anomang inyong hingin sa Ama sa aking
pangalan, ay maibigay niya sa inyo. **17** Ang mga bagay na
ito ay iniuutos ko sa inyo, upang kayo'y mangagibigan sa
isa't isa. **18** Kung kayo'y kinapopootan ng sanglibutan, ay
inyong talastas na ako muna ang kinapootan bago kayo.
**19** Kung kayo'y taga sanglibutan, ay iibigin ng sanglibutan
ang kaniyang sarili: nguni't sapagka't kayo'y hindi taga
sanglibutan, kundi kayo'y hinirang ko sa sanglibutan, kaya
napopoot sa inyo ang sanglibutan. **20** Alalahanin ninyo ang
salitang sa inyo'y aking sinabi, Ang alipin ay hindi dakila
kay sa kaniyang panginoon. Kung ako'y kanilang pinagusig,
kayo man ay kanilang paguusigin din; kung tinupad nila ang
aking salita, ang inyo man ay tutuparin din. **21** Datapuwa't
ang lahat ng mga bagay na ito ay gagawin nila sa inyo
dahil sa aking pangalan, sapagka't hindi nila nakikilala ang
sa akin ay nagsugo. **22** Kung hindi sana ako naparito at
nagsalita sa kanila, ay hindi sila magkakaroon ng kasalanan:
datapuwa't ngayo'y wala na silang madadahilan sa kanilang
kasalanan. **23** Ang napopoot sa akin ay napopoot din naman
sa aking Ama. **24** Kung ako sana'y hindi gumawa sa gitna
nila ng mga gawang hindi ginawa ng sinomang iba, ay hindi
sana sila nangagkaroon ng kasalanan: datapuwa't ngayon
ay kanilang nangakita at kinapootan nila ako at ang aking
Ama. **25** Nguni't nangyari ito, upang matupad ang salitang
nasusulat sa kanilang kautusan, Ako'y kinapootan nila na
walang kadahilanan. **26** Datapuwa't pagparito ng Mangaaliw,
na aking susuguin sa inyo mula sa Ama, sa makatuwid
baga'y ang Espiritu ng katotohanan, na nagbubuhat sa Ama,

ay siyang magpapatotoo sa akin: 27 At kayo naman ay
magpapatotoo, sapagka't kayo'y nangakasama ko buhat pa
nang una.

16 Ang mga bagay na ito'y aking sinalita sa inyo, upang
kayo'y huwag mangatisod. 2 Kayo'y palalayasin
nila sa mga sinagoga: oo, dumarating ang oras, na ang
sinomang pumatay sa inyo ay aakalaing naghahandog
siya ng paglilingkod sa Dios. 3 At ang mga bagay na ito'y
gagawin nila, sapagka't hindi nila nakikilala ang Ama, ni
ako man. 4 Datapuwa't ang mga bagay na ito'y sinalita
ko sa inyo, upang kung dumating ang kanilang oras, ay
inyong mangaalaala, kung paanong sinabi ko sa inyo. At
ang mga bagay na ito'y hindi ko sinabi sa inyo buhat pa
nang una, sapagka't ako'y sumasa inyo. 5 Datapuwa't
ngayong ako'y paroroon sa nagsugo sa akin; at sinoman sa
inyo ay walang nagtatanong sa akin, Saan ka paroroon?
6 Nguni't sapagka't sinalita ko ang mga bagay na ito sa
inyo, ay napuno ng kalumbayan ang inyong puso. 7 Gayon
ma'y sinasalita ko sa inyo ang katotohanan: Nararapat sa
inyo na ako'y yumaon; sapagka't kung hindi ako yayaon,
ang Mangaaliw ay hindi paririto sa inyo; nguni't kung ako'y
yumaon, siya'y susuguin ko sa inyo. 8 At siya, pagparito
niya, ay kaniyang susumbatan ang sanglibutan tungkol sa
kasalanan, at sa katuwiran, at sa paghatol: 9 Tungkol sa
kasalanan, sapagka't hindi sila nagsisampalataya sa akin;
10 Tungkol sa katuwiran, sapagka't ako'y paroroon sa Ama,
at hindi na ninyo ako makikita; 11 Tungkol sa paghatol,
sapagka't ang prinsipe ng sanglibutang ito ay hinatulan na. 12
Mayroon pa akong maraming bagay na sa inyo ay sasabihin,
nguni't ngayon ay hindi ninyo mangatitiis. 13 Gayon ma'y
kung siya, ang Espiritu ng katotohanan ay dumating, ay
papatnubayan niya kayo sa buong katotohanan: sapagka't
hindi siya magsasalita ng mula sa kaniyang sarili; kundi
ang anomang bagay na kaniyang marinig, ang mga ito ang
kaniyang sasalitain: at kaniyang ipahahayag sa inyo ang
mga bagay na magsisidating. 14 Luluwalhatiin niya ako:
sapagka't kukuha siya sa nasa akin, at sa inyo'y ipahahayag.
15 Ang lahat ng mga bagay na nasa Ama ay akin: kaya sinabi
ko, na siya'y kukuha sa nasa akin, at sa inyo'y ipahahayag.
16 Sangdali na lamang, at ako'y hindi na ninyo makikita; at
muling sandali pa, at ako'y inyong makikita. 17 Ang ilan sa
kaniyang mga alagad nga ay nangagsangusapan, Ano itong
sinasabi niya sa atin, Sangdali na lamang, at ako'y hindi
na ninyo makikita; at muling sangdali pa, at ako'y inyong
makikita: at, Sapagka't ako'y paroroon sa Ama? 18 Sinabi
nga nila, Ano nga itong sinasabi niya, Sangdali na lamang?
Hindi namin nalalaman kung ano ang sinasabi niya. 19
Natalastas ni Jesus na sa kaniya'y ibig nilang itanong, at
sa kanila'y sinabi niya, Nangagtatanungan kayo tungkol
dito sa aking sinabi, Sangdali na lamang, at ako'y hindi
na ninyo makikita, at muling sangdali pa, at ako'y inyong
makikita? 20 Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa
inyo, na kayo'y magsisiiyak at magsisipanaghoy, datapuwa't
ang sanglibutan ay magagalak: kayo'y mangalulumbay,
datapuwa't ang inyong kalumbayan ay magiging kagalakan.
21 Ang babae pagka nanganganak ay nalulumbay, sapagka't
dumating ang kaniyang oras: nguni't pagkapanganak niya
sa sanggol, ay hindi na niya naalaala ang hirap dahil sa
kagalakan sa pagkapanganak sa isang tao sa sanglibutan.
22 At kayo nga sa ngayon ay may kalumbayan: nguni't
muli ko kayong makikita, at magagalak ang inyong puso,
at walang makapagaalis sa inyo ng inyong kagalakan. 23
At sa araw na yaon ay hindi kayo magtatanong sa akin
ng anomang tanong. Katotohanan, katotohanang sinasabi
ko sa inyo, Kung kayo'y hihingi ng anoman sa Ama, ay
ibibigay niya sa inyo sa aking pangalan. 24 Hanggang
ngayo'y wala pa kayong hinihinging anoman sa pangalan
ko: kayo'y magsihingi, at kayo'y tatanggap, upang malubos
ang inyong kagalakan. 25 Sinalita ko sa inyo ang mga bagay
na ito sa malalabong pananalita: darating ang oras, na hindi
ko na kayo pagsasalitaan sa malalabong pananalita, kundi
maliwanag na sa inyo'y sasaysayin ko ang tungkol sa Ama.
26 Sa araw na yao'y magsisihingi kayo sa aking pangalan: at
sa inyo'y hindi ko sinasabi, na kayo'y idadalangin ko sa Ama;
27 Sapagka't ang Ama rin ang umiibig sa inyo, sapagka't
ako'y inyong inibig, at kayo'y nagsisampalataya na ako'y
nagbuhat sa Ama. 28 Nagbuhat ako sa Ama, at naparito ako
sa sanglibutan: muling iniiwan ko ang sanglibutan, at ako'y
paroroon sa Ama. 29 Sinasabi ng kaniyang mga alagad,
Narito, ngayo'y nagsasalita kang malinaw, at wala kang
sinasalitang anomang malabong pananalita. 30 Ngayon ay
nakikilala namin na nalalaman mo ang lahat ng mga bagay,
at hindi nangangailangan na tanungin ka ng sinoman: dahil
dito'y nagsisisampalataya kami na ikaw ay nagbuhat sa Dios.
31 Sinagot sila ni Jesus, Ngayon baga'y nagsisisampalataya
kayo? 32 Narito, ang oras ay dumarating, oo, dumating na,
na kayo'y mangangalat, ang bawa't tao sa kanikaniyang
sarili, at ako'y iiwan ninyong magisa: at gayon ma'y hindi ako
nagiisa, sapagka't ang Ama ay sumasa akin. 33 Ang mga
bagay na ito ay sinalita ko sa inyo, upang kayo'y magkaroon
sa akin ng kapayapaan. Sa sanglibutan ay mayroon kayong
kapighatian: nguni't laksan ninyo ang loob; aking dinaig ang
sanglibutan.

17 Ang mga bagay na ito ay sinalita ni Jesus; at sa
pagtingala ng kaniyang mga mata sa langit, ay sinabi
niya, Ama, dumating na ang oras; luwalhatiin mo ang
iyong Anak, upang ikaw ay luwalhatiin ng Anak: 2 Gaya
ng ibinigay mo sa kaniya ang kapamahalaan sa lahat ng

laman, upang bigyan niya ng buhay na walang hanggan
ang lahat ng ibinigay mo sa kaniya. **(aiōnios g166)** **3** At
ito ang buhay na walang hanggan, na ikaw ay makilala
nila na iisang Dios na tunay, at siyang iyong sinugo, sa
makatuwid baga'y si Jesucristo. **(aiōnios g166)** **4** Niluwalhati
kita sa lupa, pagkaganap ko ng gawa na ipinagawa mo sa
akin. **5** At ngayon, Ama, luwalhatiin mo ako sa iyo rin ng
kaluwalhatiang aking tinamo sa iyo bago ang sanglibutan
ay naging gayon. **6** Ipinahayag ko ang iyong pangalan
sa mga tao na ibinigay mo sa akin mula sa sanglibutan:
sila'y iyo, at sila'y ibinigay mo sa akin; at tinupad nila ang
iyong salita. **7** Ngayon ay nangakilala nila na ang lahat
ng mga bagay na sa akin ay ibinigay mo ay mula sa iyo:
**8** Sapagka't ang mga salitang sa akin ay ibinigay mo ay
ibinigay ko sa kanila; at kanilang tinanggap, at nangakilala
nilang tunay na nagbuhat ako sa iyo, at nagsipaniwalang
ikaw ang nagsugo sa akin. **9** Idinadalangin ko sila: hindi ang
sanglibutan ang idinadalangin ko, kundi yaong mga sa akin
ay ibinigay mo; sapagka't sila'y iyo: **10** At ang lahat ng mga
bagay ay iyo, at ang mga iyo ay akin: at ako'y lumuluwalhati
sa kanila. **11** At wala na ako sa sanglibutan, at ang mga ito
ay nasa sanglibutan, at ako'y paririyan sa iyo. Amang Banal,
ingatan mo sila sa iyong pangalan yaong mga ibinigay mo
sa akin, upang sila'y maging isa, na gaya naman natin. **12**
Samantalang ako'y sumasa kanila, ay iningatan ko sila sa
iyong pangalan yaong mga ibinigay mo sa akin: at sila'y
binantayan ko, at isa man sa kanila'y walang napahamak,
kundi ang anak ng kapahamakan; upang matupad ang
kasulatan. **13** Nguni't ngayon ay napaririyan ako sa iyo; at
sinasalita ko ang mga bagay na ito sa sanglibutan, upang
sila'y mangagtamo ng aking kagalakang ganap sa kanila
rin. **14** Ibinigay ko sa kanila ang iyong salita: at kinapootan
sila ng sanglibutan, sapagka't hindi sila taga sanglibutan,
gaya ko naman na hindi taga sanglibutan. **15** Hindi ko
idinadalangin na alisin mo sila sa sanglibutan, kundi ingatan
mo sila mula sa masama. **16** Hindi sila taga sanglibutan, na
gaya ko naman na hindi taga sanglibutan. **17** Pakabanalin
mo sila sa katotohanan: ang salita mo'y katotohanan. **18**
Kung paanong ako'y iyong sinugo sa sanglibutan, sila'y
gayon ding sinusugo ko sa sanglibutan. **19** At dahil sa
kanila'y pinabanal ko ang aking sarili, upang sila naman
ay mangagpakabanal sa katotohanan. **20** Hindi lamang
sila ang idinadalangin ko, kundi sila rin naman na mga
nagsisisampalataya sa akin sa pamamagitan ng kanilang
salita; **21** Upang silang lahat ay maging isa; na gaya mo,
Ama, sa akin, at ako'y sa iyo, na sila nama'y suma atin:
upang ang sanglibutan ay sumampalataya na ako'y sinugo
mo. **22** At ang kaluwalhatiang sa aki'y ibinigay mo ay ibinigay
ko sa kanila; upang sila'y maging isa, na gaya naman natin
na iisa; **23** Ako'y sa kanila, at ikaw ay sa akin, upang sila'y
malubos sa pagkakaisa; upang makilala ng sanglibutan
na ikaw ang sa akin ay nagsugo, at sila'y iyong inibig, na
gaya ko na inibig mo. **24** Ama, yaong mga ibinigay mo sa
akin ay ibig ko kung saan ako naroroon, sila naman ay
dumoong kasama ko, upang makita nila ang kaluwalhatian
ko, na ibinigay mo sa akin: sapagka't ako'y iyong inibig
bago natatag ang sanglibutan. **25** Oh Amang banal, hindi ka
nakikilala ng sanglibutan, nguni't nakikilala kita; at nakikilala
ng mga ito na ikaw ang nagsugo sa akin; **26** At ipinakilala ko
sa kanila ang iyong pangalan, at ipakikilala ko; upang ang
pagibig na sa akin ay iniibig mo ay mapasa kanila, at ako'y
sa kanila.

**18** Nang masalita ni Jesus ang mga salitang ito, siya'y
umalis na kasama ng kaniyang mga alagad na
nagsitawid ng batis ng Cedron, na doo'y may isang
halamanan, na pinasok niya at ng kaniyang mga alagad.
**2** Si Judas nga rin naman, na sa kaniya'y nagkanulo, ay
nalalaman ang dako: sapagka't madalas na si Jesus ay
nakikipagkatipon sa kaniyang mga alagad doon. **3** Si Judas
nga, pagkatanggap ng pulutong ng mga kawal, at mga
punong kawal na mula sa mga pangulong saserdote at mga
Fariseo, ay nagsiparoon na may mga ilawan at mga sulo at
mga sandata. **4** Si Jesus nga, na nakatataho ng lahat ng
mga bagay na sasapit sa kaniya, ay lumabas, at sa kanila'y
sinabi, Sino ang inyong hinahanap? **5** Sinagot niya sila,
Si Jesus na taga Nazaret. Sinabi sa kanila ni Jesus, Ako
nga. At si Judas din naman, na sa kaniya'y nagkanulo, ay
nakatayong kasama nila. **6** Pagkasabi nga niya sa kanila,
Ako nga, ay nagsiurong sila, at nangalugmok sa lupa. **7** Muli
ngang sila'y tinanong niya, Sino ang inyong hinahanap? At
sinabi nila, Si Jesus na taga Nazaret. **8** Sumagot si Jesus,
Sinabi ko sa inyo na ako nga; kung ako nga ang inyong
hinahanap, ay pabayaan ninyo ang mga ito na magsiyaon
sa kanilang lakad. **9** Upang matupad ang salitang sinalita
niya, Sa mga ibinigay mo sa akin ay hindi ko iniwala kahit
isa. **10** Si Simon Pedro nga na may tabak ay nagbunot nito,
at sinugatan ang alipin ng dakilang saserdote, at tinagpas
ang kaniyang kanang tainga. Ang pangalan ng aliping yaon
ay Malco. **11** Sinabi nga ni Jesus kay Pedro, Isalong mo ang
iyong tabak: ang sarong sa akin ay ibinigay ng Ama, ay hindi
ko baga iinuman? **12** Kaya dinakip si Jesus ng pulutong at
ng pangulong kapitan, at ng mga punong kawal ng mga
Judio, at siya'y ginapos. **13** At siya'y dinala muna kay Anas;
sapagka't siya'y biyenan ni Caifas, na dakilang saserdote
nang taong yaon. **14** Si Caifas nga na siyang nagpayo sa
mga Judio, na dapat na ang isang tao'y mamatay dahil sa
bayan. **15** At sumunod si Simon Pedro kay Jesus, at gayon
din ang isa pang alagad. Ang alagad ngang yaon ay kilala

ng dakilang saserdote, at pumasok na kasama ni Jesus
sa looban ng dakilang saserdote; **16** Nguni't si Pedro ay
nakatayo sa pintuan sa labas. Kaya't ang isang alagad, na
kilala ng dakilang saserdote ay lumabas at kinausap ang
babaing tanod-pinto, at ipinasok si Pedro. **17** Sinabi nga
kay Pedro ng dalagang tanod-pinto, Pati baga ikaw ay isa
sa mga alagad ng taong ito? Sinabi niya, Ako'y hindi. **18**
Nangakatayo nga doon ang mga alipin at ang mga punong
kawal, na nangagpapaningas ng sigang uling; sapagka't
maginaw; at sila'y nangagpapainit: at si Pedro rin naman
ay kasama nila, na nakatayo at nagpapainit. **19** Tinanong
nga ng dakilang saserdote si Jesus tungkol sa kaniyang
mga alagad, at sa kaniyang pagtuturo. **20** Sinagot siya
ni Jesus, Ako'y hayag na nagsalita sa sanglibutan; ako'y
laging nagtuturo sa mga sinagoga, at sa templo, na siyang
pinagkakatipunan ng lahat ng mga Judio; at wala akong
sinalita sa lihim. **21** Bakit ako'y iyong tinatanong? tanungin
mo silang nangakarinig sa akin, kung anong sinalita ko sa
kanila: narito, ang mga ito ang nangakakaalam ng mga
bagay na sinabi ko. **22** At nang kaniyang masabi ito, ay
sinampal si Jesus ng isa sa mga punong kawal na nakatayo
roon, na nagsasabi, Ganyan ang pagsagot mo sa dakilang
saserdote? **23** Sinagot siya ni Jesus, Kung ako'y nagsalita
ng masama, patotohanan mo ang kasamaan; datapuwa't
kung mabuti, bakit mo ako sinasampal? **24** Ipinadala nga
siyang gapos ni Anas kay Caifas na dakilang saserdote.
**25** Nakatayo nga si Pedro na nagpapainit. Sinabi nga nila
sa kaniya, Ikaw baga ay isa rin naman sa kaniyang mga
alagad? Siya'y kumaila, at sinabi, Ako'y hindi. **26** Ang isa sa
mga alipin ng dakilang saserdote, na kamaganak niyaong
tinagpas ni Pedro ang tainga, ay nagsabi, Hindi baga ikaw
ay nakita kong kasama niya sa halamanan? **27** Muli ngang
kumaila si Pedro: at pagdaka'y tumilaok ang manok. **28**
Dinala nga nila si Jesus mula kay Caifas hanggang sa
Pretorio: at niyao'y maaga pa; at sila'y hindi nagsipasok
sa Pretorio, upang huwag silang madungisan, upang sila'y
mangyaring makakain ng kordero ng paskua. **29** Nilabas
nga sila ni Pilato, at sinabi, Anong sakdal ang dala ninyo
laban sa taong ito? **30** Sila'y nagsisagot at sinabi sa kaniya,
Kung ang taong ito'y hindi manggagawa ng masama, ay
hindi sana namin dinala sa iyo. **31** Sa kanila nga'y sinabi ni
Pilato, Kunin ninyo siya, at siya'y inyong hatulan ayon sa
inyong kautusan. Ang mga Judio'y nangagsabi sa kaniya,
Sa amin ay hindi naaayon sa kautusan na magpapatay ng
sinomang tao: **32** Upang matupad ang salitang sinalita ni
Jesus, na ipinaalam kung sa anong paraan ng kamatayan
siya mamamatay. **33** Si Pilato nga'y muling pumasok sa
Pretorio, at tinawag si Jesus, at sa kaniya'y sinabi, Ikaw baga
ang Hari ng mga Judio? **34** Sumagot si Jesus, Sinasabi mo
baga ito sa iyong sarili, o sinabi sa iyo ng mga iba tungkol
sa akin? **35** Si Pilato ay sumagot, Ako baga'y Judio? Ang
iyong sariling bansa at ang mga pangulong saserdote ang
sa iyo'y nagdala sa akin: anong ginawa mo? **36** Sumagot si
Jesus, Ang kaharian ko ay hindi sa sanglibutang ito: kung
ang kaharian ko ay sa sanglibutang ito, ang aking mga alipin
nga ay makikipagbaka, upang ako'y huwag maibigay sa
mga Judio: nguni't ngayo'y ang aking kaharian ay hindi rito.
**37** Sinabi nga sa kaniya ni Pilato, Ikaw nga baga'y hari?
Sumagot si Jesus, Ikaw ang nagsasabing ako'y hari. Ako'y
ipinanganak dahil dito, dahil dito ako naparito sa sanglibutan,
upang bigyang patotoo ang katotohanan. Ang bawa't isang
ayon sa katotohanan ay nakikinig ng aking tinig. **38** Sinabi
sa kaniya ni Pilato, Ano ang katotohanan? At nang masabi
niya ito ay lumabas siyang muli sa mga Judio, at sa kanila'y
sinabi, Wala akong masumpungang anomang kasalanan sa
kaniya. **39** Nguni't kayo'y may ugali, na pawalan sa inyo ang
isa sa paskua: ibig nga baga ninyong sa inyo'y pawalan ko
ang Hari ng mga Judio? **40** Sila nga'y nagsigawang muli, na
nangagsasabi, Huwag ang taong ito, kundi si Barrabas. Si
Barrabas nga'y isang tulisan.

**19** Nang magkagayon nga'y tinangnan ni Pilato si
Jesus, at siya'y hinampas. **2** At ang mga kawal ay
nangagkamakama ng isang putong na tinik, at ipinutong sa
kaniyang ulo, at siya'y sinuutan ng isang balabal na kulay-
ube; **3** At sila'y nagsilapit sa kaniya, at nangagsabi, Magalak,
Hari ng mga Judio! at siya'y kanilang pinagsuntukanan. **4** At
si Pilato ay lumabas na muli, at sa kanila'y sinabi, Narito,
siya'y inilabas ko sa inyo, upang inyong matalastas na wala
akong masumpungang anomang kasalanan sa kaniya. **5**
Lumabas nga si Jesus, na may putong na tinik at balabal
na kulay-ube. Sa kanila'y sinabi ni Pilato, Narito, ang tao!
**6** Pagkakita nga sa kaniya ng mga pangulong saserdote
at ng mga punong kawal, ay sila'y nangagsigawan, na
sinasabi, Ipako siya sa krus, ipako siya sa krus! Sinabi sa
kanila ni Pilato, Kunin ninyo siya, at ipako ninyo siya sa
krus: sapagka't ako'y walang masumpungang kasalanan
sa kaniya. **7** Nagsisagot sa kaniya ang mga Judio, Kami'y
mayroong isang kautusan, at ayon sa kautusang yaon ay
nararapat siyang mamatay, sapagka't siya'y nagpapanggap
na Anak ng Dios. **8** Pagkarinig nga ni Pilato ng salitang ito,
ay lalong sinidlan siya ng takot; **9** At siya'y muling pumasok
sa Pretorio, at sinabi kay Jesus, Taga saan ka? Nguni't hindi
siya sinagot ni Jesus. **10** Sinabi nga sa kaniya ni Pilato,
Sa akin ay hindi ka nagsasalita? Hindi mo baga nalalaman
na ako'y may kapangyarihang sa iyo'y magpawala, at may
kapangyarihang sa iyo'y magpako sa krus? **11** Sumagot
si Jesus sa kaniya, Anomang kapangyarihan ay hindi ka
magkakaroon laban sa akin malibang ito'y ibinigay sa iyo

mula sa itaas: kaya't ang nagdala sa iyo sa akin ay may
lalong malaking kasalanan. 12 Dahil dito'y pinagsisikapan
ni Pilato na siya'y pawalan: nguni't ang mga Judio ay
nagsisigawan, na nangagsasabi, Kung pawalan mo ang
taong ito, ay hindi ka kaibigan ni Cesar: ang bawa't isang
nagpapanggap na hari ay nagsasalita ng laban kay Cesar.
13 Nang marinig nga ni Pilato ang mga salitang ito, ay
inilabas niya si Jesus, at siya'y naupo sa hukuman sa
dakong tinatawag na Pavimento, datapuwa't sa Hebreo ay
Gabbatha. 14 Noon nga'y Paghahanda ng paskua: at noo'y
magiikaanim ng oras. At sinabi niya sa mga Judio, Narito,
ang inyong Hari! 15 Sila nga'y nagsigawan, Alisin siya, alisin
siya, ipako siya sa krus! Sinabi sa kanila ni Pilato, Ipapako
ko baga sa krus ang inyong Hari? Nagsisagot ang mga
pangulong saserdote, Wala kaming hari kundi si Cesar.
16 Nang magkagayon nga'y ibinigay siya sa kanila upang
maipako sa krus. 17 Kinuha nga nila si Jesus: at siya'y
lumabas, na pasan niya ang krus, hanggang sa dakong
tinatawag na Dako ng bungo, na sa wikang Hebreo ay
tinatawag na Golgota: 18 Na doo'y ipinako nila siya sa krus,
at kasama niya ang dalawa pa, isa sa bawa't tagiliran, at si
Jesus sa gitna. 19 At sumulat din naman si Pilato ng isang
pamagat, at inilagay sa ulunan ng krus. At ang nasusulat ay,
JESUS NA TAGA NAZARET, ANG HARI NG MGA JUDIO.
20 Marami nga sa mga Judio ang nakabasa ng pamagat
na ito, sapagka't ang dakong pinagpakuan kay Jesus ay
malapit sa bayan; at ito'y nasusulat sa Hebreo, at sa Latin,
at sa Griego. 21 Sinabi nga kay Pilato ng mga pangulong
saserdote ng mga Judio, Huwag mong isulat, Ang Hari ng
mga Judio; kundi, ang kanyang sinabi, Hari ako ng mga
Judio. 22 Sumagot si Pilato, Ang naisulat ko ay naisulat ko.
23 Ang mga kawal nga, nang si Jesus ay kanilang maipako
na sa krus, ay kanilang kinuha ang kaniyang mga kasuutan
at pinagapat na bahagi, sa bawa't kawal ay isang bahagi; at
gayon din naman ang tunika: at ang tunika ay walang tahi,
na hinabing buo mula sa itaas. 24 Nangagsangusapan nga
sila, Huwag natin itong punitin, kundi ating pagsapalaranan,
kung mapapakanino: upang matupad ang kasulatan, na
nagsasabi, Binahagi nila sa kanila ang aking mga kasuutan,
At ang aking balabal ay kanilang pinagsapalaran. 25 Ang
mga bagay ngang ito ay ginawa ng mga kawal. Datapuwa't
nangakatayo sa piling ng krus ni Jesus ang kaniyang ina,
at ang kapatid ng kaniyang ina, na si Maria na asawa ni
Cleopas, at si Maria Magdalena. 26 Pagkakita nga ni Jesus
sa kanyang ina, at sa nakatayong alagad na kaniyang iniibig,
ay sinabi niya sa kaniyang ina, Babae, narito, ang iyong
anak! 27 Nang magkagayo'y sinabi niya sa alagad, Narito,
ang iyong ina! At buhat nang oras na yaon ay tinanggap siya
ng alagad sa kaniyang sariling tahanan. 28 Pagkatapos nito,
pagkaalam ni Jesus na ang lahat ng mga bagay ay naganap
na nga, upang matupad ang kasulatan, ay sinabi, Nauuhaw
ako. 29 Mayroon doong isang sisidlang puno ng suka: kaya't
naglagay sila ng isang esponghang basa ng suka sa isang
tukod na isopo, at kanilang inilagay sa kaniyang bibig. 30
Nang matanggap nga ni Jesus ang suka, ay sinabi niya,
Naganap na: at iniyukayok ang kaniyang ulo, at nalagot ang
kaniyang hininga. 31 Ang mga Judio nga, sapagka't noo'y
Paghahanda, upang ang mga katawan ay huwag mangatira
sa krus sa sabbath (sapagka't dakila ang araw ng sabbath na
yaon), ay hiniling nila kay Pilato na mangaumog ang kanilang
mga hita, at upang sila'y mangaalis doon. 32 Nagsiparoon
na ang mga kawal, at inumog ang mga hita ng una, at ng
sa isa na ipinako sa krus na kasama niya: 33 Nguni't nang
magsiparoon sila kay Jesus, at makitang siya'y patay na, ay
hindi na nila inumog ang kaniyang mga hita: 34 Gayon ma'y
pinalagpasan ang kaniyang tagiliran ng isang sibat ng isa sa
mga kawal, at pagdaka'y lumabas ang dugo at tubig. 35
At ang nakakita ay nagpatotoo, at ang kaniyang patotoo
ay totoo: at nalalaman niyang siya'y nagsasabi ng totoo,
upang kayo naman ay magsisampalataya. 36 Sapagka't
ang mga bagay na ito ay nangyari, upang matupad ang
kasulatan, Ni isa mang buto niya'y hindi mababali. 37 At
sinabi naman sa ibang kasulatan, Magsisitingin sila sa
kaniya na kanilang pinagulusanan. 38 At pagkatapos ng mga
bagay na ito si Jose na taga Arimatea, palibhasa'y alagad
ni Jesus, bagama't lihim dahil sa katakutan sa mga Judio,
ay namanhik kay Pilato na makuha niya ang bangkay ni
Jesus; at ipinahintulot ni Pilato sa kaniya. Naparoon nga
siya, at inalis ang kaniyang bangkay. 39 At naparoon naman
si Nicodemo, yaong naparoon nang una sa kaniya nang
gabi, na may dalang isang pinaghalong mirra at mga aloe,
na may mga isang daang libra. 40 Kinuha nga nila ang
bangkay ni Jesus, at binalot nila ng mga kayong lino na
may mga pabango, ayon sa kaugalian ng mga Judio sa
paglilibing. 41 Sa dako nga ng pinagpakuan sa kaniya ay
may isang halamanan; at sa halamana'y may isang bagong
libingan na kailan ma'y hindi pa napaglalagyan ng sinoman.
42 Doon nga, dahil sa Paghahanda ng mga Judio (sapagka't
malapit ang libingan) ay kanilang inilagay si Jesus.

**20** Nang unang araw nga ng sanglinggo ay naparoong
maaga sa libingan si Maria Magdalena, samantalang
madilim pa, at nakita ang bato na naalis na sa libingan. 2
Tumakbo nga siya, at naparoon kay Simon Pedro, at sa
isang alagad na iniibig ni Jesus, at sa kanila'y sinabi, Kinuha
nila sa libingan ang Panginoon, at hindi namin maalaman
kung saan nila siya inilagay. 3 Umalis nga si Pedro, at ang
isang alagad, at nagsitungo sa libingan. 4 At sila'y kapuwa
tumakbong magkasama: at ang isang alagad ay tumakbong

matulin kay sa kay Pedro, at dumating na una sa libingan; 5
At nang kaniyang tunghan at tingnan ang loob, ay nakita
niyang nangakalatag ang mga kayong lino; gayon ma'y hindi
siya pumasok sa loob. 6 Dumating naman nga si Simon
Pedro, na sumusunod sa kaniya, at pumasok sa libingan;
at nakita niyang nangakalatag ang mga kayong lino, 7
At ang panyo na nasa kaniyang ulo, ay hindi kasamang
nakalatag ng mga kayong lino, kundi bukod na natitiklop
sa isang tabi. 8 Nang magkagayo'y pumasok din naman
nga ang isang alagad, na unang dumating sa libingan, at
siya'y nakakita at sumampalataya. 9 Sapagka't hindi pa
nila napaguunawa ang kasulatan, na kinakailangang siya'y
muling magbangon sa mga patay. 10 Kaya't ang mga alagad
ay muling nagsitungo sa kanikanilang sariling tahanan. 11
Nguni't si Maria ay nakatayo sa labas ng libingan na umiiyak:
sa gayon, samantalang siya'y umiiyak, siya'y yumuko at
tumingin sa loob ng libingan; 12 At nakita niya ang dalawang
anghel na nararamtan na nangakaupo, ang isa'y sa ulunan,
at ang isa'y sa paanan, ng kinalalagyan ng bangkay ni Jesus.
13 At sinabi nila sa kaniya, Babae, bakit ka umiiyak? Sinabi
niya sa kanila, Sapagka't kinuha nila ang aking Panginoon,
at hindi ko maalaman kung saan nila inilagay siya. 14
Pagkasabi niya ng gayon, siya'y lumingon, at nakitang
nakatayo si Jesus, at hindi nalalaman na yaon ay si Jesus.
15 Sinabi sa kaniya ni Jesus, Babae, bakit ka umiiyak?
sino ang iyong hinahanap? Siya, sa pagaakalang yao'y
maghahalaman, ay nagsabi sa kaniya, Ginoo, kung ikaw
ang kumuha sa kaniya, ay sabihin mo sa akin kung saan mo
siya inilagay, at akin siyang kukunin. 16 Sinabi sa kaniya ni
Jesus, Maria. Lumingon siya, at nagsabi sa kaniya sa wikang
Hebreo, Raboni; na ang ibig sabihin ay, Guro. 17 Sinabi sa
kaniya ni Jesus, Huwag mo akong hipuin; sapagka't hindi pa
ako nakakaakyat sa Ama, nguni't pumaroon ka sa aking mga
kapatid, at sabihin mo sa kanila, Aakyat ako sa aking Ama
at inyong Ama, at aking Dios at inyong Dios. 18 Naparoon si
Maria Magdalena at sinabi sa mga alagad, Nakita ko ang
Panginoon; at kung paanong sinabi niya sa kaniya ang mga
bagay na ito. 19 Nang kinahapunan nga, nang araw na
yaon, na unang araw ng sanglinggo, at nang nangapipinid
ang mga pintong kinaroroonan ng mga alagad, dahil sa
katakutan sa mga Judio ay dumating si Jesus at tumayo sa
gitna, at sa kanila'y sinabi, Kapayapaan ang sumainyo. 20 At
nang masabi niya ito, ay kaniyang ipinakita sa kanila ang
kaniyang mga kamay at ang kaniyang tagiliran. Ang mga
alagad nga'y nangagalak, nang makita nila ang Panginoon.
21 Sinabi ngang muli sa kanila ni Jesus, Kapayapaan ang
sumainyo: kung paanong pagkasugo sa akin ng Ama, ay
gayon din naman sinusugo ko kayo. 22 At nang masabi niya
ito, sila'y hiningahan niya, at sa kanila'y sinabi, Tanggapin
ninyo ang Espiritu Santo: 23 Sinomang inyong patawarin ng
mga kasalanan, ay ipinatatawad sa kanila; sinomang hindi
ninyo patawarin ng mga kasalanan, ay hindi pinatatawad.
24 Nguni't si Tomas, isa sa labingdalawa, na tinatawag na
Didimo, ay wala sa kanila nang dumating si Jesus. 25 Sinabi
nga sa kaniya ng ibang mga alagad, Nakita namin ang
Panginoon. Nguni't sinabi niya sa kanila, Malibang aking
makita sa kaniyang mga kamay ang butas ng mga pako,
at maisuot ko ang aking daliri sa butas ng mga pako, at
maisuot ko ang aking kamay sa kaniyang tagiliran, ay hindi
ako sasampalataya. 26 At pagkaraan ng walong araw ay
muling nasa loob ng bahay ang kaniyang mga alagad, at
kasama nila si Tomas. Dumating si Jesus, nang nangapipinid
ang mga pinto, at tumayo sa gitna, at sinabi, Kapayapaan
ang sumainyo. 27 Nang magkagayo'y sinabi niya kay Tomas,
idaiti mo rito ang iyong daliri, at tingnan mo ang aking mga
kamay; at idaiti mo rito ang iyong kamay, at isuot mo siya
sa aking tagiliran: at huwag kang di mapanampalatayahin,
kundi mapanampalatayahin. 28 Sumagot si Tomas, at sa
kaniya'y sinabi, Panginoon ko at Dios ko. 29 Sinabi sa kaniya
ni Jesus, Sapagka't ako'y nakita mo ay sumampalataya
ka: mapapalad yaong hindi nangakakita, at gayon ma'y
nagsisampalataya. 30 Gumawa rin nga si Jesus ng iba't
ibang maraming tanda sa harap ng kaniyang mga alagad, na
hindi nangasusulat sa aklat na ito: 31 Nguni't ang mga ito ay
nangasulat, upang kayo'y magsisampalataya na si Jesus ay
ang Cristo, ang Anak ng Dios; at sa inyong pagsampalataya
ay magkaroon kayo ng buhay sa kaniyang pangalan.

**21** Pagkatapos ng mga bagay na ito ay napakitang muli
si Jesus sa mga alagad sa tabi ng dagat ng Tiberias;
at siya'y napakita sa ganitong paraan. 2 Samasama nga
si Simon Pedro, at si Tomas na tinatawag na Didimo, at
si Natanael na taga Cana ng Galilea, at ang mga anak
ni Zebedeo, at dalawa pa sa kaniyang mga alagad. 3
Sinabi sa kanila ni Simon Pedro, Mangingisda ako. Sinabi
nila sa kaniya, Kami man ay magsisisama sa iyo. Sila'y
nagsiyaon, at nagsilulan sa daong; at nang gabing yaon ay
wala silang nahuling anoman. 4 Nguni't nang nagbubukang
liwayway na, si Jesus ay tumayo sa baybayin: gayon ma'y
hindi napagalaman ng mga alagad na yaon ay si Jesus. 5
Sa kanila nga'y sinabi ni Jesus, Mga anak, mayroon baga
kayong anomang makakain? Nagsisagot sila sa kaniya,
Wala. 6 At kaniyang sinabi sa kanila, Ihulog ninyo ang lambat
sa dakong kanan ng daong, at makakasumpong kayo.
Inihulog nga nila, at hindi na nila mahila dahil sa karamihan
ng mga isda. 7 Yaong alagad nga na iniibig ni Jesus ay
nagsabi kay Pedro, Ang Panginoon nga. Kaya't pagkarinig
nga ni Simon Pedro na yao'y ang Panginoon, ay nagbigkis
siya ng kaniyang tunika (sapagka't siya'y hubo't hubad), at

tumalon sa dagat. 8 Datapuwa't ang ibang mga alagad ay
nagsilapit sa maliit na daong (sapagka't sila'y hindi lubhang
malayo sa lupa, kundi may mga dalawangdaang siko), na
hinihila ang lambat na puno ng mga isda. 9 Kaya't nang
sila'y magsilunsad sa lupa, ay nakakita sila doon ng mga
bagang uling, at isda ang nakalagay sa ibabaw, at tinapay.
10 Sinabi sa kanila ni Jesus, Mangagdala kayo rito ng mga
isdang inyong nangahuli ngayon. 11 Umahon nga si Simon
Pedro, at hinila ang lambat sa lupa, puno ng malalaking isda,
na isang daan at limangpu at tatlo, at sa ganoong karami
ay hindi napunit ang lambat. 12 Sinabi sa kanila ni Jesus,
Magsiparito kayo at mangagpawing gutom. At sinoman sa
mga alagad ay hindi nangahas na siya'y tanungin, Sino ka?
sa pagkaalam na yaon ang Panginoon. 13 Lumapit si Jesus,
at dinampot ang tinapay, at sa kanila'y ibinigay, at gayon din
ang isda. 14 Ito'y ang ikatlong pagpapakita ni Jesus sa mga
alagad, pagkatapos na siya'y magbangon sa mga patay. 15
Kaya't nang mangakapagpawing gutom sila, ay sinabi ni
Jesus kay Simon Pedro, Simon, anak ni Juan, iniibig mo
baga ako ng higit kay sa mga ito? Sinabi niya sa kaniya, Oo,
Panginoon; nalalaman mo na kita'y iniibig. Sinabi niya sa
kaniya, Pakanin mo ang aking mga kordero. 16 Sinabi niya
sa kaniyang muli sa ikalawa, Simon anak ni Juan, Iniibig mo
baga ako? Sinabi niya sa kaniya, Oo, Panginoon; nalalaman
mo na kita'y iniibig. Sinabi niya sa kaniya, Alagaan mo ang
aking mga tupa. 17 Sinabi niya sa kaniya sa ikatlo, Simon,
anak ni Juan, Iniibig mo baga ako? Nalumbay si Pedro
sapagka't sa kaniya'y sinabing makaitlo, Iniibig mo baga
ako? At sinabi niya sa kaniya, Panginoon, nalalaman mo
ang lahat ng mga bagay; nalalaman mo na kita'y iniibig.
Sinabi sa kaniya ni Jesus, Pakanin mo ang aking mga tupa.
18 Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa iyo, Nang ikaw
ay bata pa, ikaw ay nagbibihis, at ikaw ay lumalakad kung
saan mo ibig; nguni't pagtanda mo'y iuunat mo ang iyong
mga kamay, at bibigkisan ka ng iba, at dadalhin ka kung
saan hindi mo ibig. 19 Ito nga'y sinalita niya, na ipinaalam
kung sa anong kamatayan ang iluluwalhati niya sa Dios. At
pagkasalita niya nito, ay sinabi niya sa kaniya, Sumunod ka
sa akin. 20 Si Pedro, paglingon, ay nakita yaong alagad
na iniibig ni Jesus na sumusunod; na siya ring humilig sa
kaniyang dibdib sa paghapon, at nagsabi, Panginoon, sino
ang sa iyo'y magkakanulo? 21 Pagkakita nga ni Pedro
sa kaniya ay nagsabi kay Jesus, Panginoon, at ano ang
gagawin ng taong ito? 22 Sinabi sa kaniya ni Jesus, Kung
ibig kong siya'y manatili hanggang sa ako'y pumarito, ay ano
nga sa iyo? sumunod ka sa akin. 23 Kumalat nga ang sabing
ito sa gitna ng mga kapatid, na ang alagad na yaon ay hindi
mamamatay: gayon ma'y hindi sinabi ni Jesus, sa kaniya na
hindi siya mamamatay; kundi, Kung ibig kong siya'y manatili
hanggang sa ako'y pumarito, ay ano nga sa iyo? 24 Ito ang
alagad na nagpapatotoo sa mga bagay na ito, at sumulat ng
mga bagay na ito; at nalalaman namin na ang kaniyang
patotoo ay totoo. 25 At mayroon ding iba't ibang mga bagay
na ginawa si Jesus, na kung susulating isa-isa, ay inaakala
ko na kahit sa sanglibutan ay hindi magkakasiya ang mga
aklat na susulatin.

# Mga Gawa

**1** Ang unang kasaysayan na ginawa ko, Oh Teofilo, ay
tungkol sa lahat na pinasimulang ginawa at itinuro
ni Jesus, **2** Hanggang sa araw na tanggapin siya sa
kaitaasan, pagkatapos na makapagbigay siya ng mga utos
sa pamamagitan ng Espiritu Santo, sa mga apostol na
kaniyang hinirang; **3** Na sa kanila nama'y napakita rin siyang
buhay, sa pamamagitan ng maraming mga katunayan,
pagkatapos na siya'y makapaghirap, na napakikita sa kanila
sa loob ng apat na pung araw, at nagpahayag ng mga
bagay tungkol sa kaharian ng Dios: **4** At, palibhasa'y
nakikipagpulong sa kanila, ay ipinagutos niya sa kanila na
huwag silang magsialis sa Jerusalem, kundi hintayin ang
pangako ng Ama, na sinabi niyang narinig ninyo sa akin:
**5** Sapagka't tunay na si Juan ay nagbautismo ng tubig;
datapuwa't kayo'y babautismuhan sa Espiritu Santo na di
na malalaunan pa. **6** Tinanong nga siya nila nang sila'y
nangagkakatipon, na nangagsasabi, Panginoon, isasauli
mo baga ang kaharian sa Israel sa panahong ito? **7** At
sinabi niya sa kanila, Hindi ukol sa inyo ang pagkaalam ng
mga panahon o ng mga bahagi ng panahon, na itinakda
ng Ama sa kaniyang sariling kapamahalaan. **8** Datapuwa't
tatanggapin ninyo ang kapangyarihan, pagdating sa inyo
ng Espiritu Santo: at kayo'y magiging mga saksi ko sa
Jerusalem, at sa buong Judea at Samaria, at hanggang sa
kahulihulihang hangganan ng lupa. **9** At pagkasabi niya ng
mga bagay na ito, nang siya'y tinitingnan nila, ay dinala siya
sa itaas; at siya'y tinanggap ng isang alapaap at ikinubli sa
kanilang mga paningin. **10** At samantalang tinititigan nila
ang langit habang siya'y lumalayo, narito may dalawang
lalaking nangakatayo sa tabi nila na may puting damit; **11**
Na nangagsabi naman, Kayong mga lalaking taga Galilea,
bakit kayo'y nangakatayong tumitingin sa langit? itong si
Jesus, na tinanggap sa langit mula sa inyo, ay paparitong
gaya rin ng inyong nakitang pagparoon niya sa langit.
**12** Nang magkagayon ay nangagbalik sila sa Jerusalem
buhat sa tinatawag na bundok ng mga Olivo, na malapit sa
Jerusalem, na isang araw ng sabbath lakarin. **13** At nang
sila'y magsipasok sa bayan, ay nagsiakyat sila sa silid sa
itaas, na kinatitirahan nila; ni Pedro at ni Juan at ni Santiago
at ni Andres, ni Felipe at ni Tomas, ni Bartolome at ni Mateo,
ni Santiago na anak ni Alfeo, at ni Simong Masikap, at
ni Judas na anak ni Santiago. **14** Ang lahat ng mga ito'y
nagsisipanatiling matibay na nangagkakaisa sa pananalangin
na kasama ang mga babae, at si Maria na ina ni Jesus,
at pati ng mga kapatid niya. **15** At nang mga araw na ito'y
nagtindig si Pedro sa gitna ng mga kapatid, at nagsabi (at
nangagkakatipon ang karamihang mga tao, na may isang
daa't dalawangpu), **16** Mga kapatid, kinakailangang matupad
ang kasulatan, na nang una ay sinalita ng Espiritu Santo,
sa pamamagitan ng bibig ni David tungkol kay Judas, na
siyang pumatnugot sa nagsihuli kay Jesus. **17** Sapagka't
siya'y ibinilang sa atin, at siya'y tumanggap ng kaniyang
bahagi sa ministeriong ito. **18** Kumuha nga ang taong ito
ng isang parang sa pamamagitan ng ganti sa kaniyang
katampalasanan; at sa pagpapatihulog ng patiwarik, ay
pumutok siya sa gitna, at sumambulat ang lahat ng mga
laman ng kaniyang tiyan. **19** At ito'y nahayag sa lahat ng mga
nagsisitahan sa Jerusalem; ano pa't tinawag ang parang na
yaon sa kanilang wika na Aceldama, sa makatuwid baga'y,
Ang parang ng Dugo.) **20** Sapagka't nasusulat sa aklat ng
Mga Awit, Bayaang mawalan nawa ng tao ang kaniyang
tahanan, At huwag bayaang manahan doon ang sinoman; at,
Bayaang kunin ng iba ang kaniyang katungkulan. **21** Sa mga
taong ito nga na nangakisama sa atin sa buong panahon na
ang Panginoong si Jesus ay pumapasok at lumalabas sa
atin, **22** Magmula sa pagbautismo ni Juan, hanggang sa araw
na siya'y tanggapin sa itaas mula sa atin, ay nararapat na ang
isa sa mga ito'y maging saksi na kasama natin sa kaniyang
pagkabuhay na maguli. **23** At kanilang ibinukod ang dalawa,
si Jose na tinatawag na Barsabas, na pinamagatang Justo,
at si Matias. **24** At sila'y nagsipanalangin, at nagsipagsabi,
Ikaw, Panginoon, na nakatataho ng mga puso ng lahat ng
mga tao, ay ipakilala mo kung alin sa dalawang ito ang
iyong hinirang, **25** Upang tanggapin ang katungkulan sa
ministeriong ito at pagkaapostol na kinahulugan ni Judas,
upang siya'y makaparoon sa kaniyang sariling kalalagyan.
**26** At sila'y pinagsapalaran nila; at nagkapalad si Matias; at
siya'y ibinilang sa labingisang apostol.

**2** At nang dumating nga ang araw ng Pentecostes, silang
lahat ay nangagkakatipon sa isang dako. **2** At biglang
dumating mula sa langit ang isang ugong na gaya ng sa isang
humahagibis na hanging malakas, at pinuno ang buong bahay
na kanilang kinauupuan. **3** At sa kanila'y may napakitang mga
dilang kawangis ng apoy, na nagkabahabahagi; at dumapo
sa bawa't isa sa kanila. **4** At silang lahat ay nangapuspos
ng Espiritu Santo, at nangagpasimulang magsalita ng iba't
ibang wika, ayon sa ipinagkakaloob ng Espiritu na kanilang
salitain. **5** May mga nagsisitahan nga sa Jerusalem na
mga Judio, mga lalaking religioso, na buhat sa bawa't
bansa sa ilalim ng langit. **6** At nang marinig ang ugong
na ito, ay nangagkatipon ang karamihan, at nangamaang,
sapagka't sa kanila'y narinig ng bawa't isa na sinasalita ang
kaniyang sariling wika. **7** At silang lahat ay nangagtaka
at nagsipanggilalas, na nangagsasabi, Narito, hindi baga
mga Galileong lahat ang mga nagsisipagsalitang ito? **8** At
bakit nga naririnig ng bawa't isa sa atin, ang ating sariling

wikang kinamulatan? 9 Tayong mga Parto, at mga Medo, at
mga Elamita, at ang nangananahan sa Mesapotamia, sa
Judea, at sa Capadocia, sa Ponto at sa Asia, 10 Sa Frigia
at Pamfilia, sa Egipto at sa mga sakop ng Libia na karatig
ng Cirene at mga nakikipamayang galing sa Roma, mga
Judio, at gayon din ang mga naging Judio, 11 Mga Cretense
at mga Arabe, ay nangaririnig nating nagsisipagsalita sila
sa ating mga wika ng mga makapangyarihang gawa ng
Dios. 12 At silang lahat ay nangagtaka at nangalito, na
sinasabi ng isa sa isa, Anong kahulugan nito? 13 Datapuwa't
ang mga iba'y nanganglilibak na nangagsabi, Sila'y puno
ng bagong alak. 14 Datapuwa't pagtindig ni Pedro na
kasama ang labingisa, ay itinaas ang kaniyang tinig, at sa
kanila'y nagsaysay, na sinasabing, Kayong mga lalaking taga
Judea, at kayong lahat na nangananahan sa Jerusalem,
mangaalaman nawa ninyong lahat ito, at inyong pakinggan
ang aking mga salita. 15 Sapagka't ang mga ito'y hindi mga
lasing, na gaya ng inyong inaakala; yamang ngayo'y oras na
ikatlo lamang ng araw; 16 Datapuwa't ito'y yaong sinalita
na sa pamamagitan ng propeta Joel: 17 At mangyayari sa
mga huling araw, sabi ng Dios, Na ibubuhos ko ang aking
Espiritu sa lahat ng laman: At ang inyong mga anak na
lalake at babae ay manganghuhula, At ang inyong mga
binata ay mangakakakita ng mga pangitain, Ang inyong
mga matatanda ay magsisipanaginip ng mga panaginip:
18 Oo't sa aking mga lingkod na lalake at sa aking mga
lingkod na babae, sa mga araw na yaon Ibubuhos ko ang
aking Espiritu; at magsisipanghula sila. 19 At magpapakita
ako ng mga kababalaghan sa langit sa itaas, At mga tanda
sa lupa sa ibaba, Dugo, at apoy, at singaw ng usok: 20
Ang araw ay magiging kadiliman, At ang buwan ay dugo,
Bago dumating ang araw ng Panginoon, Yaong araw na
dakila at tangi: 21 At mangyayari na ang sinomang tumawag
sa pangalan ng Panginoon, ay maliligtas. 22 Kayong mga
lalaking taga Israel, pakinggan ninyo ang mga salitang ito: Si
Jesus na taga Nazaret, lalaking pinatunayan ng Dios sa
inyo sa pamamagitan ng mga gawang makapangyarihan
at mga kababalaghan at mga tanda na ginawa ng Dios sa
pamamagitan niya sa gitna ninyo, gaya rin ng nalalaman
ninyo; 23 Siya, na ibinigay sa takdang pasiya at paunang
kaalaman ng Dios, kayo sa pamamagitan ng mga kamay ng
mga tampalasan ay inyong ipinako sa krus at pinatay: 24 Na
siya'y binuhay na maguli ng Dios, pagkaalis sa mga hirap ng
kamatayan: sapagka't hindi maaari na siya'y mapigilan nito.
25 Sapagka't sinasabi ni David tungkol sa kaniya, Nakita
kong lagi ang Panginoon sa aking harapan; Sapagka't siya'y
nasa aking kanang kamay, upang huwag akong makilos: 26
Dahil dito'y nagalak ang aking puso, at natuwa ang aking
dila; Pati naman ang aking laman ay mananahan sa pagasa:
27 Sapagka't hindi mo iiwan ang kaluluwa ko sa Hades, Ni
titiisin man na ang iyong Banal ay makakita ng kabulukan.
(Hadēs g86) 28 Ipinakilala mo sa akin ang mga daan ng
buhay; Pupuspusin mo ako ng kagalakan sa harap ng iyong
mukha. 29 Mga kapatid, malayang masasabi ko sa inyo
ang tungkol sa patriarkang si David, na siya'y namatay
at inilibing, at nasa atin ang kaniyang libingan hanggang
sa araw na ito. 30 Palibhasa nga'y isang propeta, at sa
pagkaalam na may panunumpang isinumpa ng Dios sa
kaniya, na sa bunga ng kaniyang baywang ay ilukluklok niya
ang isa sa kaniyang luklukan; 31 Palibhasa'y nakikita na
niya ito, ay nagsalita tungkol sa pagkabuhay na maguli
ng Cristo, na siya'y hindi pinabayaan sa Hades, ni ang
kaniya mang katawan ay hindi nakakita ng kabulukan. (Hadēs
g86) 32 Ang Jesus na ito'y binuhay na maguli ng Dios, at
tungkol dito'y mga saksi kaming lahat. 33 Palibhasa nga'y
pinarangal ng kanang kamay ng Dios, at tinanggap na sa
Ama ang pangako ng Espiritu Santo, ay ibinuhos niya ito,
na inyong nakikita at naririnig. 34 Sapagka't hindi umakyat
si David sa mga langit; datapuwa't siya rin ang nagsabi,
Sinabi ng Panginoon sa aking Panginoon; Maupo ka sa
kanan ko, 35 Hanggang sa gawin ko ang mga kaaway mo
na tuntungan ng iyong mga paa. 36 Pakatalastasin nga ng
buong angkan ni Israel, na ginawa ng Dios na Panginoon at
Cristo itong si Jesus na inyong ipinako sa krus. 37 Nang
marinig nga nila ito, ay nangasaktan ang kanilang puso, at
sinabi kay Pedro at sa ibang mga apostol, Mga kapatid,
anong gagawin namin? 38 At sinabi sa kanila ni Pedro,
Mangagsisi kayo, at mangagbautismo ang bawa't isa sa
inyo sa pangalan ni Jesucristo sa ikapagpapatawad ng
inyong mga kasalanan; at tatanggapin ninyo ang kaloob
ng Espiritu Santo. 39 Sapagka't sa inyo ang pangako,
at sa inyong mga anak, at sa lahat ng nangasa malayo,
maging ilan man ang tawagin ng Panginoon nating Dios sa
kaniya. 40 At sa iba pang maraming salita ay nagpatotoo
siya, at nangaral sa kanila, na sinasabi, Magsiligtas kayo sa
likong lahing ito. 41 Yaon ngang nagsitanggap ng kaniyang
salita ay nangabautismuhan: at nangaparagdag sa kanila
nang araw na yaon ang may tatlong libong kaluluwa. 42
At sila'y nagsipanatiling matibay sa turo ng mga apostol
at sa pagsasamasama, sa pagpuputolputol ng tinapay at
sa mga pananalangin. 43 At ang takot ay dumating sa
bawa't kaluluwa: at ginawa ang maraming kababalaghan at
tanda sa pamamagitan ng mga apostol. 44 At ang lahat ng
mga nagsisampalataya ay nangagkakatipon, at lahat nilang
pag-aari ay sa kalahatan; 45 At ipinagbili nila ang kanilang
mga pag-aari at kayamanan, at ipinamahagi sa lahat, ayon
sa pangangailangan ng bawa't isa. 46 At araw-araw sila'y
nagsisipanatiling matibay sa pagkakaisa sa templo, at sa

pagpuputolputol ng tinapay sa bahay-bahay, at nagsisikain
sila ng kanilang pagkain na may galak at may katapatan
ng puso. **47** Na nangagpupuri sa Dios, at nangagtatamo
ng paglingap ng buong bayan. At idinaragdag sa kanila ng
Panginoon araw-araw yaong nangaliligtas.

**3** Si Pedro at si Juan nga ay nagsisipanhik sa templo nang
oras ng pananalangin, na ikasiyam. **2** At isang lalake na
pilay buhat pa sa tiyan ng kaniyang ina ay dinadala roon,
na siya'y inilalagay nila araw-araw sa pintuan ng templo
na tinatawag na Maganda, upang manghingi ng limos sa
nagsisipasok sa templo; **3** Ito, pagkakita kay Pedro at
kay Juan na magsisipasok sa templo, ay namanhik upang
tumanggap siya ng limos. **4** At pagtitig sa kaniya ni Pedro, na
kasama si Juan, ay sinabi, Tingnan mo kami. **5** At kaniyang
pinansin sila, na umaasang tatanggap sa kanila ng anomang
bagay. **6** Datapuwa't sinabi ni Pedro, Pilak at ginto ay wala
ako; datapuwa't ang nasa akin, ay siya kong ibinibigay sa
iyo. Sa pangalan ni Jesucristo ng taga Nazaret, lumakad ka.
**7** At kaniyang hinawakan siya sa kanang kamay, at siya'y
itinindig: at pagdaka'y nagsilakas ang kaniyang mga paa
at mga bukong-bukong. **8** At paglukso, siya'y tumayo, at
nagpasimulang lumakad; at pumasok na kasama nila sa
templo, na lumalakad, at lumulukso, at nagpupuri sa Dios. **9**
At nakita ng buong bayang siya'y lumalakad, at nagpupuri
sa Dios: **10** At nangakilala nila na siya nga ang nauupo at
nagpapalimos sa Pintuang Maganda ng templo; at sila'y
nangapuspos ng panggigilalas at pamamangha sa nangyari
sa kaniya. **11** At samantalang siya'y nakahawak kay Pedro
at kay Juan, ay nagsitakbong samasama sa kanila ang
buong bayan sa tinatawag na portiko ni Salomon na lubhang
nanggigilalas. **12** At nang makita ito ni Pedro, ay sumagot
sa mga tao, Kayong mga lalaking taga Israel, bakit kayo'y
nagsisipanggilalas sa taong ito? o bakit kami ang inyong
tinititigan, na sa inyong akala ay dahil sa aming sariling
kapangyarihan o kabanalan ay aming napalakad siya? **13**
Ang Dios ni Abraham, at ni Isaac, at ni Jacob, ang Dios ng
ating mga magulang, ay niluwalhati ang kaniyang Lingkod na
si Jesus; na inyong ibinigay, at inyong tinanggihan sa harap ni
Pilato, nang pasiyahan nito na siya'y pawalan. **14** Datapuwa't
inyong pinakatanggihan ang Banal at ang Matuwid na Ito, at
inyong hiningi na ipagkaloob sa inyo ang isang mamamatay-
tao, **15** At inyong pinatay ang Lumikha ng buhay: na binuhay
ng Dios na maguli sa mga patay; mga saksi kami ng mga
bagay na ito. **16** At sa pamamagitan ng pananampalataya
sa kaniyang pangalan ay pinalakas ng kaniyang pangalan
ang taong ito, na inyong nakikita at nakikilala: oo, ang
pananampalataya na sa pamamagitan niya'y nagkaloob
sa kaniya nitong lubos na kagalingan sa harapan ninyong
lahat. **17** At ngayon, mga kapatid, nalalaman ko na inyong
ginawa yaon sa di pagkaalam, gaya ng ginawa rin naman
ng inyong mga pinuno. **18** Datapuwa't ginanap ang mga
bagay na ipinagpaunang ibinalita ng Dios sa pamamagitan
ng bibig ng lahat ng mga propeta, na ang kaniyang Cristo ay
magbabata. **19** Kaya nga mangagsisi kayo, at mangagbalik-
loob, upang mangapawi ang inyong mga kasalanan, upang
kung magkagayon ay magsidating ang mga panahon ng
kaginhawahang mula sa harapan ng Panginoon; **20** At
upang kaniyang suguin ang Cristo na itinalaga sa inyo, na
si Jesus: **21** Na siya'y kinakailangang tanggapin ng langit
hanggang sa mga panahon ng pagsasauli sa dati ng lahat
ng mga bagay, na sinalita ng Dios sa pamamagitan ng bibig
ng kaniyang mga banal na propeta buhat pa nang una.
**(aiōn g165)** **22** Tunay na sinabi ni Moises, Ang Panginoong
Dios ay magtitindig sa inyo ng isang propetang gaya ko
mula sa gitna ng inyong mga kapatid; siya ang inyong
pakinggan sa lahat ng mga bagay na sa inyo'y sasalitain
niya. **23** At mangyayari, na ang bawa't kaluluwa na hindi
makinig sa propetang yaon, ay pupuksaing lubos mula sa
gitna ng bayan. **24** Oo at ang lahat ng mga propetang
mula kay Samuel at ang mga nagsisunod, sa dami ng mga
nagsipagsalita, sila naman ay nagsipagsaysay rin tungkol sa
mga araw na ito. **25** Kayo ang mga anak ng mga propeta,
at ng tipang ginawa ng Dios sa inyong mga magulang, na
sinasabi kay Abraham, At sa iyong binhi ay pagpapalain ang
lahat ng mga angkan sa lupa. **26** Sa inyo una-una, nang
maitindig na ng Dios ang kaniyang Lingkod, ay sinugo niya
upang kayo'y pagpalain, sa pagtalikod ng bawa't isa sa inyo
sa inyong mga katampalasanan.

**4** At nang sila'y nangagsasalita pa sa bayan, ay nagsilapit
sa kanila ang mga saserdote, at ang puno sa templo, at
ang mga Saduceo, **2** Palibhasa'y totoong nangabagabag
sapagka't tinuruan nila ang bayan, at ibinalita sa pangalan ni
Jesus ang pagkabuhay na maguli sa mga patay. **3** At sila'y
kanilang sinunggaban at kanilang ibinilanggo hanggang sa
kinabukasan: sapagka't noon nga'y gabi na. **4** Datapuwa't
marami sa nangakarinig ng salita ay nagsisampalataya;
at ang bilang ng mga lalake ay umabot sa mga limang
libo. **5** At nangyari nang kinabukasan, na nangagkatipon
sa Jerusalem ang kanilang mga pinuno at mga matanda
at mga eskriba; **6** At si Anas, na dakilang saserdote, at si
Caifas, at si Juan, at si Alejandro, at ang lahat ng kalipian ng
dakilang saserdote. **7** At nang kanilang mailagay na sila sa
gitna nila, ay sila'y tinanong, Sa anong kapangyarihan, o sa
anong pangalan ginawa ninyo ito? **8** Nang magkagayo'y si
Pedro, na puspos ng Espiritu Santo, ay nagsabi sa kanila,
Kayong mga pinuno sa bayan, at matatanda, **9** Kung kami
sa araw na ito'y sinisiyasat tungkol sa mabuting gawa na
ginawa sa isang taong may-sakit, na kung sa anong paraan

gumaling ito; 10 Talastasin ninyong lahat, at ng buong bayan
ng Israel, na sa pangalan ni Jesucristo ng taga Nazaret,
na inyong ipinako sa krus, na binuhay ng Dios na maguli
sa mga patay, dahil sa kaniya ay nakatindig ang taong
ito sa inyong harap na walang sakit. 11 Siya ang bato na
itinakuwil ninyong mga nagtayo ng bahay, na naging pangulo
sa panulok. 12 At sa kanino mang iba ay walang kaligtasan:
sapagka't walang ibang pangalan sa silong ng langit, na
ibinigay sa mga tao, na sukat nating ikaligtas. 13 Nang
makita nga nila ang katapangan ni Pedro at ni Juan, at
pagkatalastas na sila'y mga taong walang pinagaralan at
mga mangmang, ay nangagtaka sila; at nangapagkilala nila,
na sila'y nangakasama ni Jesus. 14 At nang mangakita nila
ang taong pinagaling na nakatayong kasama nila, ay wala
silang maitutol. 15 Datapuwa't nang sila'y mangautusan
na nilang magsilabas sa pulong, ay nangagsangusapan,
16 Na nangagsasabi, Anong gagawin natin sa mga taong
ito? sapagka't tunay na ginawa sa pamamagitan nila ang
himalang hayag sa lahat ng nanganananahan sa Jerusalem;
at hindi natin maikakaila. 17 Gayon ma'y upang huwag
nang lalong kumalat sa bayan, atin silang balaan, na buhat
ngayo'y huwag na silang mangagsalita pa sa sinomang tao
sa pangalang ito. 18 At sila'y tinawag nila, at binalaan sila,
na sa anomang paraan ay huwag silang magsipagsalita ni
magsipagturo tungkol sa pangalan ni Jesus. 19 Datapuwa't
si Pedro at si Juan ay nagsisagot at nagsipagsabi sa kanila,
Kung katuwiran sa paningin ng Dios na makinig muna
sa inyo kay sa Dios, inyong hatulan: 20 Sapagka't hindi
mangyayaring di namin salitain ang mga bagay na aming
nangakita at nangarinig. 21 At sila, nang mapagbalaan na
nila, ay pinakawalan, palibhasa'y hindi nangakasumpong ng
anomang bagay upang sila'y kanilang mangaparusahan,
dahil sa bayan; sapagka't niluluwalhati ng lahat ng mga
tao ang Dios dahil sa bagay na ginawa. 22 Sapagka't
may mahigit nang apat na pung taong gulang ang tao,
na ginawan nitong himala ng pagpapagaling. 23 At nang
sila'y mangapakawalan na, ay nagsiparoon sa kanilang
mga kasamahan, at iniulat ang lahat ng sa kanila'y sinabi
ng mga pangulong saserdote at ng matatanda. 24 At sila,
nang kanilang marinig ito, ay nangagkaisang itaas nila ang
kanilang tinig sa Dios, at nangagsabi, Oh Panginoon, ikaw
na gumawa ng langit at ng lupa at ng dagat, at ng lahat
ng nangasa mga yaon: 25 Na sa pamamagitan ng Espiritu
Santo, sa pamamagitan ng bibig ng aming amang si David,
na iyong lingkod, ay sinabi mo, Bakit nangagalit ang mga
Gentil, At nagsipaghaka ang mga tao ng mga bagay na
walang kabuluhan? 26 Nagsitayong handa ang mga hari sa
lupa, At ang mga pinuno ay nangagpisanpisan, Laban sa
Panginoon, at laban sa kaniyang Pinahiran. 27 Sapagka't
sa katotohanan sa bayang ito'y laban sa iyong banal na
Lingkod na si Jesus, na siya mong pinahiran, ang dalawa
ni Herodes at ni Poncio Pilato, kasama ng mga Gentil at
ng mga bayan ng Israel, ay nangagpisanpisan, 28 Upang
gawin ang anomang naitakda na ng iyong kamay at ng
iyong pasiya upang mangyari. 29 At ngayon, Panginoon,
tingnan mo ang kanilang mga bala: at ipagkaloob mo sa
iyong mga alipin na salitain ang iyong salita ng buong
katapangan, 30 Samantalang iyong iniuunat ang iyong
kamay upang magpagaling; at upang mangyari nawa ang
mga tanda at mga kababalaghan sa pangalan ng iyong
banal na si Jesus. 31 At nang sila'y makapanalangin na, ay
nayanig ang dakong pinagkakatipunan nila; at nangapuspos
silang lahat ng Espiritu Santo, at kanilang sinalita na may
katapangan ang salita ng Dios. 32 At ang karamihan ng mga
nagsisampalataya ay nangagkakaisa ang puso at kaluluwa:
at sinoma'y walang nagsabing kaniyang sarili ang anoman
sa mga bagay na kaniyang inaari: kundi lahat nilang pag-aari
ay sa kalahatan. 33 At pinatotohanan ng mga apostol na
may dakilang kapangyarihan, ang pagkabuhay na maguli ng
Panginoong Jesus: at dakilang biyaya ang sumasa kanilang
lahat. 34 Sapagka't walang sinomang nasasalat sa kanila:
palibnasa'y ipinagbili ng lahat ng may mga lupa o mga
bahay ang mga ito, at dinala ang mga halaga ng mga bagay
na ipinagbili, 35 At ang mga ito'y inilagay sa mga paanan
ng mga apostol: at ipinamamahagi sa bawa't isa, ayon sa
kinakailangan ng sinoman. 36 At si Jose, na pinamagatang
Bernabe ng mga apostol (na kung liliwanagin ay Anak ng
pangangaral), isang Levita, tubo sa Chipre, 37 Na may isang
bukid, ay ipinagbili ito, at dinala ang salapi at inilagay sa
mga paanan ng mga apostol.

5 Datapuwa't isang lalake na tinatawag na Ananias, na
kasama ng kaniyang asawang si Safira, ay nagbili ng
isang pag-aari, 2 At inilingid ang isang bahagi ng halaga,
na nalalaman din ito ng kaniyang asawa, at dinala ang
isang bahagi, at inilagay sa mga paanan ng mga apostol.
3 Datapuwa't sinabi ni Pedro, Ananias, bakit pinuspos ni
Satanas ang iyong puso upang magsinungaling sa Espiritu
Santo, at upang maglingid ng isang bahagi ng halaga ng
lupa? 4 Nang yao'y nananatili pa, hindi baga yao'y nanatiling
iyong sarili? at nang maipagbili na, hindi baga nasa iyo ring
kapangyarihan? Ano't inisip mo pa ang bagay na ito sa
iyong puso? hindi ka nagsinungaling sa mga tao, kundi sa
Dios. 5 At nang marinig ni Ananias ang mga salitang ito ay
nahandusay at nalagot ang hininga: at sinidlan ng malaking
takot ang lahat ng nangakarinig nito. 6 At nagsitindig ang
mga kabinataan at siya'y binalot, at kanilang dinala siya
sa labas at inilibing. 7 At may tatlong oras ang nakaraan,
nang ang kaniyang asawa, na di nalalaman ang nangyari,

ay pumasok. 8 At sinabi sa kaniya ni Pedro, Sabihin mo
sa akin kung ipinagbili ninyo ng gayon ang lupa. At sinabi
niya, Oo, sa gayon. 9 Datapuwa't sinabi sa kaniya ni Pedro,
Bakit kayo'y nagkasundo upang tuksuhin ang Espiritu ng
Panginoon? narito, nangasa pintuan ang mga paa ng mga
nagsipaglibing sa iyong asawa, at kanilang dadalhin ka sa
labas. 10 At pagdaka'y nahandusay sa paanan niya ang
babae, at nalagot ang hininga: at nagsipasok ang mga
kabinataan at nasumpungan siyang patay, at siya'y kanilang
inilabas at inilibing siya sa siping ng kaniyang asawa. 11 At
sinidlan ng malaking takot ang buong iglesia, at ang lahat ng
nangakarinig ng mga bagay na ito. 12 At sa pamamagitan
ng mga kamay ng mga apostol ay ginawa ang maraming
tanda at kababalaghan sa gitna ng mga tao: at nangaroon
silang lahat na nangagkakaisa sa portiko ni Salomon. 13
Datapuwa't sinoman sa mga iba ay hindi nangangahas
na makisama sa kanila: bagaman sila'y pinapupurihan ng
bayan; 14 At ang mga nagsisisampalataya ay lalo pang
nangaparagdag sa Panginoon, ang mga karamihang lalake
at babae: 15 Na ano pa't dinala nila sa mga lansangan ang
mga may-sakit, at inilagay sa mga higaan at mga hiligan,
upang, pagdaan ni Pedro, ay maliliman man lamang ng
anino niya ang sinoman sa kanila. 16 At nangagkatipon
din naman ang karamihang mula sa mga bayang nangasa
palibotlibot ng Jerusalem, na nangagdadala ng mga may-
sakit, at ng mga pinahihirapan ng mga karumaldumal na
espiritu: at sila'y pawang pinagaling. 17 Datapuwa't nagtindig
ang dakilang saserdote, at ang lahat ng kasama niya (na
siyang sekta ng mga Saduceo), at sila'y nangapuspos ng
kainggitan, 18 At kanilang sinunggaban ang mga apostol, at
kanilang inilagay sila sa bilangguang bayan. 19 Datapuwa't
nang gabi na ay binuksan ng isang anghel ng Panginoon
ang mga pintuan ng bilangguan, at sila'y inilabas, at sinabi,
20 Magsihayo kayo, at magsitayo kayo sa templo, at sabihin
ninyo sa bayan ang lahat ng mga salita ng Buhay na ito.
21 At nang marinig nila ito, ay nagsipasok sila sa templo
nang magbubukang liwayway, at nangagturo. Datapuwa't
dumating ang dakilang saserdote, at ang mga kasamahan
niya, at pinulong ang sanedrin, at ang buong senado sa mga
anak ni Israel, at nagpautos sa bilangguan upang sila'y dalhin
doon. 22 Datapuwa't ang mga punong kawal na nagsiparoon
ay hindi sila nangasumpungan sa bilangguan; at sila'y
nangagbalik, at nangagbigay alam, 23 Na sinasabi, Aming
naratnang totoong mabuti ang pagkalapat ng bilangguan, at
nangakatayo sa mga pintuan ang mga bantay: datapuwa't
ng aming mabuksan, wala kaming nasumpungang sinoman
sa loob. 24 Nang marinig nga ang mga salitang ito ng puno
sa templo, at ng mga pangulong saserdote, ay nangalitong
totoo tungkol sa mga ito kung ano ang magiging wakas
niyaon. 25 At may dumating na isa at nagsabi sa kanila,
Narito, ang mga lalaking ibinilanggo ninyo ay nangakatayo
sa templo at nangagtuturo sa bayan. 26 Nang magkagayo'y
naparoon ang pangulo na kasama ang mga punong kawal,
at sila'y dinalang hindi sa pilitan: sapagka't nangatatakot sa
bayan, baka sila'y batuhin. 27 At nang kanilang mangadala
sila, ay kanilang iniharap sa Sanedrin. At tinanong sila ng
dakilang saserdote, 28 Na sinasabi: Ibinala naming mahigpit
sa inyo na huwag kayong mangagturo sa pangalang ito:
at narito, pinuno ninyo ang Jerusalem ng inyong aral, at
ibig ninyong iparatang sa amin ang dugo ng taong ito.
29 Datapuwa't nagsisagot si Pedro at ang mga apostol at
nangagsabi, Dapat muna kaming magsitalima sa Dios bago
sa mga tao. 30 Ibinangon ng Dios ng ating mga magulang
si Jesus, na siya ninyong pinatay, na ibinitin sa isang
punong kahoy. 31 Siya'y pinadakila ng Dios ng kaniyang
kanang kamay upang maging Principe at Tagapagligtas,
upang magbigay ng pagsisisi sa Israel, at kapatawaran ng
mga kasalanan. 32 At kami'y mga saksi ng mga bagay
na ito; at gayon din ang Espiritu Santo, na siyang ibinigay
ng Dios sa nagsisitalima sa kaniya. 33 Datapuwa't sila,
nang kanilang marinig ito, ay nangasugatan sa puso, at
nangagpasiyang sila'y patayin. 34 Datapuwa't nagtindig sa
Sanedrin ang isang Fariseo, na nagngangalang Gamaliel,
doktor sa kautusan, na pinapupurihan ng buong bayan, at
nagutos na ilabas na sandali ang mga tao. 35 At sinabi niya
sa kanila, Kayong mga lalaking taga Israel, ay mangagingat
kayo sa inyong sarili tungkol sa mga taong ito, kung ano ang
inyong gagawin. 36 Sapagka't bago pa ng mga araw na ito
ay lumitaw na si Teudas, na nagsabing siya'y dakila; at sa
kaniya'y nakisama ang may apat na raang tao ang bilang:
na siya'y pinatay; at ang lahat ng sa kaniya'y nagsisunod,
ay pawang nagsipangalat at nangawalang kabuluhan. 37
Pagkatapos ng taong ito ay lumitaw si Judas na taga Galilea
nang mga araw ng pagpapasulat, at nakahila siya ng marami
sa bayan: siya'y nalipol rin; at ang lahat ng sa kaniya'y
nagsisunod ay pawang nagsipangalat. 38 At ngayo'y sinasabi
ko sa inyo, Huwag kayong mangakialam sa mga taong
ito, at pabayaan ninyo sila: sapagka't kung ang pasiyang
ito, o ang gawang ito ay sa mga tao, ay mawawasak: 39
Datapuwa't kung sa Dios, ay hindi ninyo maiwawasak; baka
pa kayo'y mangasumpungan na nangakikihamok laban sa
Dios. 40 At sila'y nagsisangayon sa kaniya: at pagkatawag
nila sa mga apostol, ay pinalo nila at ibinala sa kanila na
huwag silang mangagsalita sa pangalan ni Jesus, at sila'y
pinawalan. 41 Sila nga'y nagsialis sa harapan ng Sanedrin,
na nangatutuwang sila'y nangabilang na karapatdapat na
mangagbata ng kaalimurahan dahil sa Pangalan. 42 At sa
araw-araw, sa templo at sa mga bahay-bahay, ay hindi sila

nagsisipagtigil ng pagtuturo at pangangaral, na si Jesus ang
siyang Cristo.

**6** Nang mga araw ngang ito, nang dumadami ang bilang ng
mga alagad, ay nagkaroon ng bulongbulungan ang mga
Greco-Judio laban sa mga Hebreo, sapagka't ang kanilang
mga babaing bao ay pinababayaan sa pamamahagi sa
araw-araw. **2** At tinawag ng labingdalawa ang karamihang
mga alagad, at sinabi, Hindi marapat na aming pabayaan
ang salita ng Dios, at mangaglingkod sa mga dulang. **3**
Magsihanap nga kayo, mga kapatid, sa inyo, ng pitong
lalake na may mabuting katunayan, puspos ng Espiritu
at ng karunungan, na ating mailalagay sa gawaing ito. **4**
Datapuwa't magsisipanatili kaming matibay sa pananalangin,
at sa ministerio ng salita. **5** At minagaling ng buong
karamihan ang pananalitang ito: at kanilang inihalal si
Esteban, taong puspos ng pananampalataya at ng Espiritu
Santo, at si Felipe, at si Procoro, at si Nicanor, at si Timon,
at si Parmenas, at si Nicolas na taga Antioquia na naging
Judio; **6** Na siyang iniharap nila sa mga apostol: at nang
sila'y mangakapanalangin na, ay ipinatong nila ang kanilang
mga kamay sa mga yaon. **7** At lumago ang salita ng Dios; at
dumaming lubha sa Jerusalem ang bilang ng mga alagad; at
nagsitalima sa pananampalataya ang lubhang maraming
saserdote. **8** At si Esteban, na puspos ng biyaya at ng
kapangyarihan, ay gumawa ng mga dakilang kababalaghan
at mga tanda sa mga tao. **9** Datapuwa't nagsitindig ang ilan
sa nangasa sinagoga, na tinatawag na sinagoga ng mga
Libertino, at ng mga Cireneo, at ng mga Alejandrino, at
ng mga taga Cilicia, at taga Asia, na nangakipagtalo kay
Esteban. **10** At hindi sila makalaban sa karunungan at sa
Espiritu na kaniyang ipinangungusap. **11** Nang magkagayo'y
nagsisuhol sila sa mga lalake, na nangagsabi, Narinig
naming siya'y nagsalita ng mga salitang kapusungan laban
kay Moises at sa Dios. **12** At kanilang ginulo ang bayan,
at ang mga matanda, at ang mga eskriba, at kanilang
dinaluhong, at sinunggaban si Esteban, at dinala siya sa
Sanedrin, **13** At nangagharap ng mga saksing sinungaling,
na nangagsabi, Ang taong ito'y hindi naglilikat ng pagsasalita
ng mga salitang laban dito sa dakong banal, at sa kautusan:
**14** Sapagka't narinig naming kaniyang sinabi, na itong si
Jesus na taga Nazaret ay iwawasak ang dakong ito, at
babaguhin ang mga kaugaliang ibinigay sa atin ni Moises. **15**
At ang lahat ng nangakaupo sa Sanedrin, na nagsisititig sa
kaniya, ay kanilang nakita ang kaniyang mukha na katulad
ng mukha ng isang anghel.

**7** At sinabi ng dakilang saserdote, Tunay baga ang mga
bagay na ito? **2** At sinabi niya, Mga kapatid na lalake at
mga magulang, mangakinig kayo: Ang Dios ng kaluwalhatia'y
napakita sa ating amang si Abraham, nang siya'y nasa
Mesapotamia, bago siya tumahan sa Haran, **3** At sinabi sa
kaniya, Umalis ka sa iyong lupain, at sa iyong kamaganakan,
at pumaroon ka sa lupaing ituturo ko sa iyo. **4** Nang
magkagayo'y umalis siya sa lupain ng mga Caldeo, at
tumahan sa Haran: at buhat doon, pagkamatay ng kaniyang
ama, ay inilipat siya ng Dios sa lupaing ito, na inyong
tinatahanan ngayon: **5** At hindi siya pinamanahan ng anoman
doon, kahit mayapakan ng kaniyang paa: at siya'y nangakong
yao'y ibibigay na pinakaari sa kaniya, at sa kaniyang binhi
pagkatapos niya, nang wala pa siyang anak. **6** At ganito ang
sinalita ng Dios, na ang kaniyang binhi ay makikipamayan
sa ibang lupain, at kanilang dadalhin sila sa pagkaalipin, at
sila'y pahihirapang apat na raang taon. **7** At ang bansang
sa kanila'y aalipin ay aking hahatulan, sabi ng Dios: at
pagkatapos nito'y magsisialis sila, at paglilingkuran nila ako
sa dakong ito. **8** At ibinigay niya sa kaniya ang tipan ng
pagtutuli: at sa ganito'y naging anak ni Abraham si Isaac, at
ito'y tinuli nang ikawalong araw; at naging anak ni Isaac si
Jacob, at naging mga anak ni Jacob ang labingdalawang
patriarka. **9** At ang mga patriarka sa udyok ng kainggitan
kay Jose, ay ipinagbili siya, upang dalhin sa Egipto; at ang
Dios ay sumasa kaniya, **10** At siya'y iniligtas sa lahat ng
kaniyang kapighatian, at siya'y binigyan ng ikalulugod at
karunungan sa harapan ni Faraon na hari sa Egipto; at
siya'y ginawang gobernador sa Egipto at sa buong bahay
niya. **11** Dumating nga ang kagutom sa buong Egipto
at sa Canaan, at nagkaroon ng malaking kapighatian: at
walang nasumpungang pagkain ang ating mga magulang.
**12** Datapuwa't nang marinig ni Jacob na may trigo sa Egipto,
ay sinugo niyang una ang ating mga magulang. **13** At sa
ikalawa'y napakilala si Jose sa kaniyang mga kapatid; at
nahayag kay Faraon ang lahi ni Jose. **14** At nagsugo si
Jose, at pinaparoon sa kaniya si Jacob, na kaniyang ama,
at ang lahat niyang kamaganakan, na pitongpu't limang
tao. **15** At lumusong si Jacob sa Egipto; at namatay siya, at
ang ating mga magulang. **16** At sila'y inilipat sa Siquem,
at inilagay sila sa libingang binili ni Abraham sa mga anak
ni Hamor sa Siquem, sa halaga ng pilak. **17** Datapuwa't
nang nalalapit na ang panahon ng pangako, na ginawa ng
Dios kay Abraham, ang bayan ay kumapal at dumami sa
Egipto, **18** Hanggang sa lumitaw ang ibang hari sa Egipto na
hindi nakakikilala kay Jose. **19** Ito rin ay gumamit ng lalang
sa ating lahi, at pinahirapan ang ating mga magulang, na
ipinatapon ang kani-kanilang mga sanggol upang huwag
mangabuhay. **20** Nang panahong yaon, ay ipinanganak si
Moises, at siya'y totoong maganda; at siya'y inalagaang
tatlong buwan sa bahay ng kaniyang ama: **21** At nang siya'y
matapon, ay pinulot siya ng anak na babae ni Faraon, at

siya'y inalagaang gaya ng sariling anak niya. 22 At tinuruan si Moises sa lahat ng karunungan ng mga Egipcio: at siya ay makapangyarihan sa kaniyang mga salita at mga gawa. 23 Datapuwa't nang siya'y magaapat na pung taong gulang na, ay tumugtog sa kaniyang puso na dalawin ang kaniyang mga kapatid na mga anak ni Israel. 24 At nang makita niya ang isa sa kanila na inaalipusta, ay kaniyang ipinagsanggalang siya, at ipinaghiganti ang pinipighati, at pinatay ang Egipcio: 25 At ang isip niya'y napagunawa ng kaniyang mga kapatid na ibinigay ng Dios sa kanila ang kaligtasan sa pamamagitan ng kamay niya: datapuwa't hindi nila napagunawa. 26 At nang kinabukasan ay napakita siya sa kanila samantalang sila'y nagaaway, at sila'y ibig sana niyang payapain, na sinasabi, mga Ginoo, kayo'y magkapatid; bakit kayo'y nagaalipustaan? 27 Datapuwa't itinulak siya ng umalipusta sa kaniyang kapuwa tao, na sinasabi, Sino ang naglagay sa iyo na puno at hukom sa amin? 28 Ibig mo bagang ako'y patayin mo, na gaya ng pagkapatay mo kahapon sa Egipcio? 29 At sa salitang ito'y tumakas si Moises, at nakipamayan sa lupain ng Midian, na doo'y nagkaanak siya ng dalawang lalake. 30 At nang maganap ang apat na pung taon, ay napakita sa kaniya ang isang anghel sa ilang ng bundok ng Sinai, sa ningas ng apoy sa isang mababang punong kahoy. 31 At nang makita ito ni Moises, ay nanggilalas sa tanawin; at nang siya'y lumapit upang pagmasdan, ay dumating ang isang tinig ng Panginoon, 32 Ako ang Dios ng iyong mga magulang, ang Dios ni Abraham, at ni Isaac, at ni Jacob. At si Moises ay nanginig at hindi nangahas tumingin. 33 At sinabi sa kaniya ng Panginoon, Alisin mo ang mga pangyapak sa iyong mga paa: sapagka't ang dakong kinatatayuan mo ay lupang banal. 34 Totoong nakita ko ang kapighatian ng aking bayang nasa Egipto, at narinig ko ang kanilang hibik, at ako'y bumaba upang sila'y iligtas: at ngayo'y halika, susuguin kita sa Egipto. 35 Ang Moises na ito na kanilang itinakuwil, na sinasabi, Sino ang sa iyo'y naglagay na puno at hukom? ay siyang sinugo ng Dios na maging puno at tagapagligtas sa pamamagitan ng kamay ng anghel na sa kaniya'y napakita sa mababang punong kahoy. 36 Pinatnugutan sila ng taong ito, pagkagawa ng mga kababalaghan at mga tanda sa Egipto, at sa dagat na Pula, at sa ilang sa loob ng apat na pung taon. 37 Ito'y yaong Moises, na nagsabi sa mga anak ni Israel, Palilitawin ng Dios sa inyo ang isang propeta na gaya ko, mula sa inyong mga kapatid. 38 Ito'y yaong naroon sa iglesia sa ilang na kasama ang anghel na nagsalita sa kaniya sa bundok ng Sinai, at kasama ang ating mga magulang: na siyang nagsitanggap ng mga aral na buhay upang ibigay sa atin: 39 Sa kaniya'y ayaw magsitalima ang ating mga magulang, kundi siya'y kanilang itinakuwil, at sa kanilang mga puso'y nangagbalik sa Egipto, 40 Na sinasabi kay Aaron, Igawa mo kami ng mga dios na mangunguna sa amin: sapagka't tungkol dito kay Moises, na naglabas sa amin sa lupain ng Egipto, ay hindi namin nalalaman kung ano ang nangyari sa kaniya. 41 At nagsigawa sila nang mga araw na yaon ng isang guyang baka, at nagsipaghandog ng hain sa diosdiosang yaon, at nangatuwa sa mga gawa ng kanilang mga kamay. 42 Datapuwa't tumalikod ang Dios, at sila'y pinabayaang magsisamba sa hukbo ng langit; gaya ng nasusulat sa aklat ng mga propeta, Hinandugan baga ninyo ako ng mga hayop na pinatay at mga hain Na apat na pung taon sa ilang, Oh angkan ni Israel? 43 At dinala ninyo ang tabernakulo ni Moloc, At ang bituin ng dios Refan, Ang mga larawang ginawa ninyo upang inyong sambahin: At dadalhin ko kayo sa dako pa roon ng Babilonia. 44 Sumaating mga magulang sa ilang ang tabernakulo ng patotoo, ayon sa itinakda ng nagsalita kay Moises, na kaniyang gawin yaon alinsunod sa anyong kaniyang nakita. 45 Na yao'y ipinasok din ng ating mga magulang sa kapanahunang ukol, na kasama ni Josue nang sila'y magsipasok sa inaari ng mga bansa, na pinalayas ng Dios sa harapan ng ating magulang, hanggang sa mga araw ni David; 46 Na nakasumpong ng biyaya sa paningin ng Dios, at huminging makasumpong ng isang tahanang ukol sa Dios ni Jacob. 47 Datapuwa't iginawa siya ni Salomon ng isang bahay. 48 Bagama't ang Kataastaasa'y hindi tumatahan sa mga bahay na gawa ng mga kamay; gaya ng sinasabi ng propeta, 49 Ang langit ay ang aking luklukan, At ang lupa ang tungtungan ng aking mga paa: Anong anyo ng bahay ang itatayo ninyo sa akin? sabi ng Panginoon: O anong dako ang aking pahingahan? 50 Hindi baga ginawa ng aking kamay ang lahat ng mga bagay na ito? 51 Kayong matitigas ang ulo, at di tuli ang puso't mga tainga, kayo'y laging nagsisisalangsang sa Espiritu Santo: kung ano ang ginawa ng inyong mga magulang, ay gayon din naman ang ginagawa ninyo. 52 Alin sa mga propeta ang hindi pinagusig ng inyong mga magulang? at kanilang pinatay ang nangagpahayag ng una ng pagdating ng Matuwid na Ito; na sa kaniya'y kayo ngayon ay nangaging mga tagapagkanulo at mamamatay-tao; 53 Kayo na nagsitanggap ng kautusan ayon sa pangangasiwa ng mga anghel, at hindi ninyo ginanap. 54 Nang marinig nga nila ang mga bagay na ito, ay nangasugatan sila sa puso, at siya'y pinagngalitan nila ng kanilang mga ngipin. 55 Datapuwa't siya, palibhasa'y puspos ng Espiritu Santo ay tumitig na maigi sa langit, at nakita niya ang kaluwalhatian ng Dios, at si Jesus na nakatindig sa kanan ng Dios, 56 At nagsabi, Narito, nakikita kong bukas ang mga langit, at ang Anak ng tao na nakatindig sa kanan ng Dios. 57 Datapuwa't sila'y nagsigawan ng malakas na tinig, at nangagtakip ng

kanilang mga tainga, at nangagkaisang siya'y dinaluhong;
**58** At siya'y kanilang itinapon sa labas ng bayan, at binato:
at inilagay ng mga saksi ang kanilang mga damit sa mga
paanan ng isang binata na nagngangalang Saulo. **59** At
kanilang pinagbatuhanan si Esteban, na tumatawag sa
Panginoon at nagsasabi, Panginoong Jesus, tanggapin mo
ang aking espiritu. **60** At siya'y nanikluhod, at sumigaw
ng malakas na tinig, Panginoon, huwag mong iparatang
sa kanila ang kasalanang ito. At pagkasabi niya nito, ay
nakatulog siya.

**8** At si Saulo ay sumangayon sa kaniyang pagkamatay.
At nang araw na yao'y nangyari ang isang malaking
paguusig laban sa iglesia na nasa Jerusalem; at silang
lahat ay nagsipangalat sa lahat ng mga dako ng Judea at
Samaria, maliban na sa mga apostol. **2** At inilibing si Esteban
ng mga taong masipag sa kabanalan, at siya'y tinangisan
ng di kawasa. **3** Datapuwa't pinuksa ni Saulo ang iglesia,
na pinapasok ang bahay-bahay, at kinakaladkad ang mga
lalake't mga babae, at sila'y ipinapasok sa bilangguan. **4** Ang
mga nagsipangalat nga ay nagsipaglakbay, na ipinangangaral
ang salita. **5** At bumaba si Felipe sa bayan ng Samaria, at
ipinangaral sa kanila ang Cristo. **6** At ang mga karamiha'y
nangagkakaisang nangakikinig sa mga bagay na sinasalita ni
Felipe, pagkarinig nila, at pagkakita ng mga tanda na ginawa
niya. **7** Sapagka't sa maraming may mga karumaldumal
na espiritu, ay nangagsilabas sila, na nangagsisisigaw
ng malakas na tinig: at maraming lumpo, at pilay, ang
pinagaling. **8** At nagkaroon ng malaking kagalakan sa bayang
yaon. **9** Datapuwa't may isang tao, na nagngangalang
Simon, na nang unang panaho'y nanggagaway sa bayan,
at pinahahanga ang mga tao sa Samaria, at nagsasabing
siya'y isang dakila: **10** Na siyang pinakikinggan nilang
lahat, buhat sa kaliitliitan hanggang sa kadakidakilaan, na
sinasabi, Ang taong ito ang siyang kapangyarihan ng Dios na
tinatawag na Dakila. **11** At siya'y pinakinggan nila, sapagka't
mahabang panahong pinahahanga niya sila ng kaniyang
mga panggagaway. **12** Datapuwa't nang magsipaniwala sila
kay Felipe na nangangaral ng mabubuting balita tungkol
sa kaharian ng Dios at sa pangalan ni Jesucristo, ay
nangabautismuhan ang mga lalake't mga babae. **13** At
si Simon man ay naniwala rin: at nang mabautismuhan
na, ay nanatili siyang kasama ni Felipe; at nang makakita
ng mga tanda at ng mga dakilang himalang ginawa, ay
napahanga siya. **14** Nang mabalitaan nga ng mga apostol
na nangasa Jerusalem na tinanggap ng Samaria ang salita
ng Dios, ay sinugo nila sa kanila si Pedro at si Juan: **15** Na
nang sila'y makalusong, ay ipinanalangin nila sila, upang
kanilang tanggapin ang Espiritu Santo. **16** Sapagka't ito'y
hindi pa bumababa sa kanino man sa kanila: kundi sila'y
nangabautismuhan lamang sa pangalan ng Panginoong
Jesus. **17** Nang magkagayo'y ipinatong sa kanila ang
kanilang mga kamay, at kanilang tinanggap ang Espiritu
Santo. **18** Nang makita nga ni Simon na sa pamamagitan ng
pagpapatong ng mga kamay ng mga apostol ay ibinigay ang
Espiritu Santo, ay inalok niya sila ng salapi, **19** Na sinasabi,
Bigyan naman ninyo ako ng kapangyarihang ito, upang
sinomang patungan ko ng aking mga kamay, ay tumanggap
ng Espiritu Santo. **20** Datapuwa't sinabi sa kaniya ni Pedro,
Ang iyong salapi'y mapahamak na kasama mo, sapagka't
inisip mong tamuhin ang kaloob ng Dios sa pamamagitan ng
salapi. **21** Wala kang bahagi ni kapalaran man sa bagay
na ito: sapagka't ang puso mo'y hindi matuwid sa harap
ng Dios. **22** Magsisi ka nga sa kasamaan mong ito, at
manalangin ka sa Panginoon, baka sakaling ipatawad sa iyo
ang pagiisip ng iyong puso. **23** Sapagka't nakikita kong ikaw
ay nasa apdo ng kapaitan at sa tali ng katampalasanan.
**24** At sumagot si Simon at sinabi, Ipanalangin ninyo ako
sa Panginoon, upang huwag mangyari sa akin ang alin
mang bagay sa mga sinasabi ninyo. **25** Sila nga, nang
makapagpatotoo at masabi na nila ang salita ng Panginoon,
ay nangagbalik sa Jerusalem, at ipinangaral ang evangelio
sa maraming nayon ng mga Samaritano. **26** Datapuwa't
nagsalita kay Felipe ang isang anghel ng Panginoon, na
nagsasabi, Magtindig ka, at ikaw ay pumaroon sa dakong
timugan, sa daang palusong mula sa Jerusalem hanggang
sa Gaza: na ito'y ilang. **27** At siya'y nagtindig at yumaon: at
narito, ang isang lalaking taga Etiopia, isang bating na may
dakilang kapamahalaan na sakop ni Candace, reina ng mga
Etiope, na siyang namamahala ng lahat niyang kayamanan,
at siya'y naparoon sa Jerusalem upang sumamba; **28** At
siya'y pabalik at nakaupo sa kaniyang karo, at binabasa
ang propeta Isaias. **29** At sinabi kay Felipe ng Espiritu,
Lumapit ka, at makisama sa karong ito. **30** At tumakbo
si Felipeng patungo sa kaniya, at napakinggan niyang
binabasa si Isaias na propeta, at sinabi, Nauunawa mo baga
ang binabasa mo? **31** At sinabi niya, Paanong magagawa
ko, maliban nang may pumatnubay sa aking sinoman?
At pinakiusapan niya si Felipe na pumanhik at maupong
kasama niya. **32** Ang dako nga ng kasulatan na binabasa
niya ay ito, Siya'y gaya ng tupa na dinala sa patayan; At kung
paanong hindi umimik ang kordero sa harap ng manggugupit
sa kaniya, Gayon din hindi niya binubuka ang kaniyang
bibig: **33** Sa kaniyang pagpapakababa'y inalis ang kaniyang
paghuhukom. Sino ang maghahayag ng kaniyang lahi?
Sapagka't inalis sa lupa ang kaniyang buhay. **34** At sumagot
ang bating kay Felipe, at sinabi, Ipinamamanhik ko sa iyo,
kanino sinasabi ng propeta ito? sa kaniya bagang sarili, o sa
alin mang iba? **35** At binuka ni Felipe ang kaniyang bibig, at

pagpapasimula sa kasulatang ito, ay ipinangaral sa kaniya si
Jesus. 36 At sa pagpapatuloy sa daan, ay nagsidating sila
sa dakong may tubig; at sinabi ng bating, Narito, ang tubig;
ano ang nakahahadlang upang ako'y mabautismuhan? 37 At
sinabi ni Felipe Kung nanampalataya ka ng buong puso ay
mangyayari. At sumagot siya at sinabi: Sumasampalataya
ako na si Jesu-Cristo ay Anak ng Dios. 38 At ipinagutos
niyang itigil ang karo: at sila'y kapuwa lumusong sa tubig, si
Felipe at ang bating; at kaniyang binautismuhan siya. 39 At
nang magsiahon sila sa tubig, ay inagaw si Felipe ng Espiritu
ng Panginoon; at hindi na siya nakita ng bating, sapagka't
ipinagpatuloy niya ang kaniyang lakad na natutuwa. 40
Nguni't nasumpungan si Felipe sa Azoto: at sa pagdadaan
ay ipinangaral niya ang evangelio sa lahat ng mga bayan,
hanggang sa dumating siya sa Cesarea.

**9** Datapuwa't si Saulo, na sumisilakbo pa ng mga
pagbabanta at pagpatay laban sa mga alagad ng
Panginoon, ay naparoon sa dakilang saserdote, 2 At humingi
sa kaniya ng mga sulat sa Damasco sa mga sinagoga,
upang kung siya'y makasumpong ng sinoman sa mga nasa
Daan, maging mga lalake o mga babae, ay kaniya silang
madalang gapos sa Jerusalem. 3 At sa kaniyang paglalakad,
ay nangyari na siya'y malapit sa Damasco: at pagdaka'y
nagliwanag sa palibot niya ang isang ilaw mula sa langit: 4
At siya'y nasubasob sa lupa, at nakarinig ng isang tinig na sa
kaniya'y nagsasabi, Saulo, Saulo, bakit mo ako pinaguusig?
5 At sinabi niya, Sino ka baga, Panginoon? At sinabi niya,
Ako'y si Jesus na iyong pinaguusig: 6 Nguni't magtindig ka,
at ikaw ay pumasok sa bayan, at sasalitain sa iyo ang dapat
mong gawin. 7 At ang mga taong kasama niya sa paglalakad
ay nangatilihan na hindi makapagsalita, na naririnig ang tinig,
datapuwa't walang nakikitang sinoman. 8 At nagtindig sa
lupa si Saulo; at pagkadilat ng kaniyang mga mata, ay di siya
nakakita ng anoman; at kanilang inakay siya sa kamay at
ipinasok siya sa Damasco. 9 At siya'y tatlong araw na walang
paningin, at hindi kumain ni uminom man. 10 Ngayon nga'y
may isang alagad sa Damasco, na nagngangalang Ananias;
at sinabi sa kaniya ng Panginoon sa pangitain, Ananias. At
sinabi niya, Narito ako, Panginoon. 11 At sinabi sa kaniya
ng Panginoon, Magtindig ka, at pumaroon sa lansangang
tinatawag na Matuwid, at ipagtanong mo sa bahay ni Judas
ang isa na nagngangalang Saulo, lalaking taga Tarso:
sapagka't narito, siya'y nananalangin; 12 At nakita niya ang
isang lalaking nagngangalang Ananias na pumapasok, at
ipinapatong ang kaniyang mga kamay sa kaniya, upang
tanggapin niya ang kaniyang paningin. 13 Nguni't sumagot si
Ananias, Panginoon, nabalitaan ko sa marami ang tungkol
sa taong ito, kung gaano karaming kasamaan ang ginawa
niya sa iyong mga banal sa Jerusalem: 14 At dito siya'y may
kapahintulutan ng mga pangulong saserdote na gapusin
ang lahat ng mga nagsisitawag sa iyong pangalan. 15
Datapuwa't sinabi sa kaniya ng Panginoon, Pumaroon ka:
sapagka't siya'y sisidlang hirang sa akin, upang dalhin ang
aking pangalan sa harapan ng mga Gentil at ng mga hari,
at ng mga anak ni Israel: 16 Sapagka't sa kaniya'y aking
ipakikilala kung gaano karaming mga bagay ang dapat
niyang tiisin dahil sa aking pangalan. 17 At umalis si Ananias
at pumasok sa bahay; at ipinatong ang kaniyang mga kamay
sa kaniya na sinabi, Kapatid na Saulo, ang Panginoon, sa
makatuwid baga'y si Jesus, na sa iyo'y napakita sa daan na
iyong pinanggalingan, ay nagsugo sa akin, upang tanggapin
mo ang iyong paningin, at mapuspos ka ng Espiritu Santo.
18 At pagdaka'y nangalaglag mula sa kaniyang mga mata
ang mga parang kaliskis, at tinanggap niya ang kaniyang
paningin; at siya'y nagtindig at siya'y binautismuhan; 19
At siya'y kumain at lumakas. At siya'y nakisamang ilang
araw sa mga alagad na nangasa Damasco. 20 At pagdaka'y
kaniyang itinanyag sa mga sinagoga si Jesus, na siya ang
Anak ng Dios. 21 At ang lahat ng sa kaniya'y nakarinig
ay namangha, at nangagsabi, Hindi baga ito yaong sa
Jerusalem ay lumipol sa mga nagsitawag sa pangalang ito?
at sa ganitong nasa ay naparito siya, upang sila'y dalhing
gapos sa harap ng mga pangulong saserdote. 22 Datapuwa't
lalo nang lumakas ang loob ni Saulo, at nilito ang mga
Judio na nanganananahan sa Damasco, na pinatutunayan na
ito ang Cristo. 23 At nang maganap ang maraming mga
araw, ay nangagsanggunian ang mga Judio upang siya'y
patayin: 24 Datapuwa't napagtalastas ni Saulo ang kanilang
banta. At kanilang binantayan naman ang mga pintuang
daan sa araw at gabi upang siya'y kanilang patayin: 25
Nguni't kinuha siya sa gabi ng kaniyang mga alagad, at
siya'y ibinaba sa kuta na siya'y inihugos na nasa isang
balaong. 26 At nang siya'y dumating sa Jerusalem, ay
pinagsikapan niyang makipisan sa mga alagad: at silang
lahat ay nangatakot sa kaniya, sa di paniniwala na siya'y
alagad, 27 Datapuwa't kinuha siya ni Bernabe, at siya'y
iniharap sa mga apostol, at sa kanila'y isinaysay kung
paanong nakita niya sa daan ang Panginoon, at kinausap
siya, at kung paanong siya'y nangaral sa Damasco na may
katapangan sa pangalan ni Jesus. 28 At siya'y kasamasama
nila, na pumapasok at lumalabas sa Jerusalem, 29 Na
nangangaral na may katapangan sa pangalan ng Panginoon:
at siya'y nagsalita at nakipagtuligsaan sa mga Greco-
Judio; datapuwa't pinagpipilitan nilang siya'y mapatay. 30 At
nang maalaman ito ng mga kapatid, ay inihatid nila siya
sa Cesarea, at siya'y sinugo nila sa Tarso. 31 Sa gayo'y
nagkaroon ng kapayapaan ang iglesia sa buong Judea at
Galilea at Samaria palibhasa'y pinagtibay; at, sa paglakad na

may takot sa Panginoon at may kaaliwan ng Espiritu Santo,
ay nagsisidami. 32 At nangyari, na sa paglalakad ni Pedro
sa lahat ng dako, siya'y naparoon naman sa mga banal na
nangananahan sa Lidda. 33 At doo'y natagpuan niya ang
isang lalake na nagngangalang Eneas, na walo nang taong
sumasabanig; sapagka't siya'y lumpo. 34 At sinabi sa kaniya
ni Pedro, Eneas, pinagagaling ka ni Jesucristo: magtindig
ka, at husayin mo ang iyong higaan. At pagdaka'y nagtindig
siya. 35 At siya'y nakita ng lahat ng mga nangananahan sa
Lidda at sa Sarona, at sila'y nangagbalik-loob sa Panginoon.
36 Ngayon ay may isang alagad sa Joppe na nagngangalang
Tabita, na ang kahuluga'y Dorcas: ang babaing ito'y puspos
ng mabubuting gawa at ng pagkaawang gawa na kaniyang
ginagawa. 37 At nangyari nang mga araw na yaon, na
siya'y nagkasakit, at namatay: at nang siya'y mahugasan na
nila, ay kanilang ibinurol siya sa isang silid sa itaas. 38 At
sapagka't malapit ang Lidda sa Joppe, pagkabalita ng mga
alagad na si Pedro ay naroroon, ay nangagsugo sa kaniya
ng dalawa katao, na ipinamamanhik sa kaniya, Huwag kang
magluwat ng pagparito sa amin. 39 At nagtindig si Pedro at
sumama sa kanila. At pagdating niya, ay inihatid nila sa
silid sa itaas: at siya'y niligid ng lahat ng mga babaing bao,
na nagsisitangis, at ipinakikita ang mga tunika at ang mga
damit na ginawa ni Dorcas, nang ito'y kasama pa nila. 40
Datapuwa't pinalabas silang lahat ni Pedro, at lumuhod, at
nanalangin; at pagbaling sa bangkay ay kaniyang sinabi,
Tabita, magbangon ka. At iminulat niya ang kaniyang mga
mata, at nang makita niya si Pedro, ay naupo siya. 41 At
iniabot ni Pedro sa kaniya ang kaniyang kamay, at siya'y
itinindig; at tinawag ang mga banal at ang mga babaing
bao, at siya'y iniharap niyang buhay. 42 At ito'y nabansag
sa buong Joppe: at marami ang mga nagsisampalataya sa
Panginoon. 43 At nangyari, na siya'y nanahang maraming
mga araw sa Joppe, na kasama ni Simong mangluluto ng
balat.

**10** At may isang lalake nga sa Cesarea, na nagngangalang
Cornelio, senturion ng pulutong na tinatawag na
pulutong Italiano. 2 Isang taong masipag sa kabanalan at
matatakutin sa Dios siya at ang buong sangbahayan at
naglimos ng marami sa mga tao, at laging nananalangin
sa Dios. 3 Nakita niyang maliwanag, sa isang pangitain,
nang may oras na ikasiyam ng araw, na pumapasok na
patungo sa kaniya ang isang anghel ng Dios, at nagsasabi
sa kaniya, Cornelio. 4 At siya, sa pagtitig niya sa kaniya,
at sa pagkatakot niya, ay nagsabi, Ano ito, Panginoon? At
sinabi niya sa kaniya, Ang mga panalangin mo at ang iyong
mga paglilimos ay nangapailanglang na isang alaala sa
harapan ng Dios. 5 At ngayo'y magsugo ka ng mga tao sa
Joppe, at ipagsama mo yaong Simon, na may pamagat na
Pedro; 6 Siya'y nanunuluyan sa isa na Simong mangluluto
ng balat, na ang kaniyang bahay ay nasa tabi ng dagat.
7 At nang umalis ang anghel na sa kaniya'y nagsalita, ay
tumawag siya ng dalawa sa kaniyang mga alila, at ng isang
kawal na masipag sa kabanalan sa mga nagsisipaglingkod
sa kaniyang parati; 8 At nang maisaysay na sa kanila ang
lahat ng mga bagay, sila'y sinugo niya sa Joppe. 9 Nang
kinabukasan nga samantalang sila'y patuloy sa kanilang
paglalakad, at nang malapit na sa bayan, si Pedro ay
umakyat sa ibabaw ng bahay upang manalangin, nang may
oras na ikaanim; 10 At siya'y nagutom at nagnais kumain:
datapuwa't samantalang nangaghahanda sila, ay nawalan
siya ng diwa; 11 At nakita niyang bukas ang langit, at may
isang sisidlang bumababa, gaya ng isang malapad na kumot,
na nakabitin sa apat na panulok na bumababa sa lupa: 12
Na doo'y naroroon ang lahat ng uri ng mga hayop na may
apat na paa at ang mga nagsisigapang sa lupa at ang mga
ibon sa langit. 13 At dumating sa kaniya ang isang tinig,
Magtindig ka, Pedro; magpatay ka at kumain. 14 Datapuwa't
sinabi ni Pedro, Hindi maaari, Panginoon; sapagka't kailan
ma'y hindi ako kumain ng anomang bagay na marumi at
karumaldumal. 15 At muling dumating sa kaniya ang tinig
sa ikalawa, Ang nilinis ng Dios, ay huwag mong ipalagay
na marumi. 16 At ito'y nangyaring makaitlo: at pagdaka'y
binatak sa langit ang sisidlan. 17 Samantalang natitilihang
totoo si Pedro sa kaniyang sarili, kung ano ang kahulugan
ng pangitaing kaniyang nakita, narito, ang mga taong sinugo
ni Cornelio, nang maipagtanong ang bahay ni Simon, ay
nangagsitayo sa harapan ng pintuan. 18 At nangagsitawag
at nangagtanong kung si Simon, na pinamagatang Pedro, ay
nanunuluyan doon. 19 At samantalang iniisip ni Pedro ang
tungkol sa pangitain, ay sinabi sa kaniya ng Espiritu, Narito,
hinahanap ka ng tatlong tao. 20 Datapuwa't magtindig ka,
at manaog ka, at sumama ka sa kanila, na huwag kang
magalinlangan ng anoman: sapagka't sila'y aking sinugo.
21 At pinanaog ni Pedro ang mga tao, at sinabi, Narito,
ako ang hinahanap ninyo: ano baga ang dahil ng inyong
ipinarito? 22 At sinabi nila, Ang senturiong si Cornelio, na
taong matuwid at matatakutin sa Dios, at may mabuting
patotoo ng buong bansa ng mga Judio, ay pinagpaunawaan
ng Dios sa pamamagitan ng isang banal na anghel na ikaw
ay paparoonin sa kaniyang bahay, at upang makarinig sa iyo
ng mga salita. 23 Kaya't sila'y pinapasok at pinatuloy sila. At
nang kinabukasa'y nagbangon siya at umalis na kasama
nila, at siya'y sinamahan ng ilang kapatid na mula sa Joppe.
24 At nang kinabukasa'y nagsipasok sila sa Cesarea. At
sila'y hinihintay ni Cornelio, na tinipon nito ang kaniyang
kamaganakan at ang kaniyang mga kaibigang minamahal.
25 At nangyari, na pagpasok ni Pedro, ay sinalubong siya

ni Cornelio, at nagpatirapa sa kaniyang paanan, at siya'y
sinamba. 26 Datapuwa't itinindig siya ni Pedro, na sinasabi,
Magtindig ka; ako man ay tao rin. 27 At sa pakikipagsalitaan
niya sa kaniya, ay pumasok siya, at kaniyang naratnan
ang maraming nangagkakatipon: 28 At sinabi niya sa
kanila, Nalalaman ninyo na hindi matuwid sa isang taong
Judio na makisama lumapit sa isang taga ibang bansa;
at gayon ma'y ipinakilala sa akin ng Dios, na sinomang
tao'y huwag kong tawaging marumi o karumaldumal: 29
Dahil din dito'y naparito akong hindi tumutol ng anoman,
nang ako'y ipasundo. Itinatanong ko nga kung sa anong
kadahilanan ipinasundo ninyo ako. 30 At sinabi ni Cornelio,
May apat nang araw, hanggang sa oras na ito, na aking
ginaganap ang pananalangin sa oras na ikasiyam sa bahay
ko; at narito, tumindig sa harapan ko ang isang lalake na
may pananamit na nagniningning, 31 At sinabi, Cornelio,
dininig ang dalangin mo, at ang iyong mga paglilimos ay
inaalaala sa paningin ng Dios. 32 Magsugo ka nga sa Joppe,
at ipatawag mo si Simon, na pinamagatang Pedro; siya'y
nanunuluyan sa bahay ni Simong mangluluto ng balat, na
nasa tabi ng dagat. 33 Pagdaka nga'y nagsugo ako sa
iyo; at mabuti ang ginawa mo't naparito ka. Ngayon nga'y
kaming lahat ay nangaririto sa paningin ng Dios, upang
dinggin ang lahat ng mga bagay na sa iyo'y ipinagutos ng
Panginoon. 34 At binuka ni Pedro ang kaniyang bibig, at
sinabi, Tunay ngang natatalastas ko na hindi nagtatangi ang
Dios ng mga tao: 35 Kundi sa bawa't bansa siya na may
takot sa kaniya, at gumagawa ng katuwiran, ay kalugodlugod
sa kaniya. 36 Ang salita na kaniyang ipinadala sa mga anak
ni Israel, na ipinangangaral ang evangelio ng kapayapaan
sa pamamagitan ni Jesucristo (siya'y Panginoon ng lahat:
) 37 Talastas ninyo ang salitang ito na nahayag sa buong
Judea, magbuhat sa Galilea, pagkatapos ng bautismo na
ipinangaral ni Juan; 38 Sa makatuwid baga'y si Jesus
na taga Nazaret, kung paanong siya'y pinahiran ng Dios
ng Espiritu Santo at ng kapangyarihan: na naglilibot na
gumagawa ng mabuti, at nagpapagaling sa lahat ng mga
pinahihirapan ng diablo; sapagka't sumasa kaniya ang Dios.
39 At mga saksi kami sa lahat ng mga bagay na ginawa niya
sa lupain ng mga Judio, at sa Jerusalem; na siya nama'y
kanilang pinatay, na siya'y ibinitin sa isang punong kahoy. 40
Siya'y muling binuhay ng Dios nang ikatlong araw, at siya'y
itinalagang mahayag. 41 Hindi sa buong bayan, kundi sa
mga saksi na hinirang ng Dios nang una, sa makatuwid
baga'y sa amin, na nagsikain at nagsiinom na kasalo niya,
pagkatapos na siya'y muling mabuhay sa mga patay. 42 At
sa ami'y ipinagbilin niya na magsipangaral kami sa bayan, at
saksihan na siya ang itinalaga ng Dios na maging Hukom ng
mga buhay at ng mga patay. 43 Siya ang pinatotohanan ng
lahat ng mga propeta, na ang bawa't sumasampalataya sa
kaniya ay magkakamit ng kapatawaran ng mga kasalanan
sa pamamagitan ng kaniyang pangalan. 44 Samantalang
nagsasalita pa si Pedro ng mga salitang ito, ay bumaba
ang Espiritu Santo sa lahat ng nangakikinig ng salita. 45 At
silang sa pagtutuli na nagsisampalataya ay nangamanghang
lahat na nagsiparoong kasama ni Pedro, sapagka't ibinuhos
din naman sa mga Gentil ang kaloob na Espiritu Santo. 46
Sapagka't nangarinig nilang nangagsasalita ang mga ito ng
mga wika, at nangagpupuri sa Dios. Nang magkagayo'y
sumagot si Pedro, 47 Mangyayari bagang hadlangan ng
sinoman ang tubig, upang huwag mangabautismuhan itong
mga nagsitanggap ng Espiritu Santo na gaya naman natin?
48 At inutusan niya sila na magsipagbautismo sa pangalan
ni Jesucristo. Nang magkagayo'y kanilang ipinamanhik sa
kaniya na matirang mga ilang araw.

11 Nabalitaan nga ng mga apostol at ng mga kapatid na
nangasa Judea na nagsitanggap din naman ang mga
Gentil ng salita ng Dios. 2 At nang umahon si Pedro sa
Jerusalem, ay nakipagtalo sa kaniya ang mga sa pagtutuli,
3 Na nagsisipagsabi, Nakisalamuha ka sa mga taong hindi
tuli, at kumain kang kasalo nila. 4 Datapuwa't si Pedro ay
nagpasimula, at ang kadahilanan ay isinaysay sa kanilang
sunodsunod na sinasabi, 5 Ako'y nananalangin sa bayan
ng Joppe: at sa kawalan ng diwa'y nakakita ako ng isang
pangitain, na may isang sisidlang bumababa, na gaya ng
isang malapad na kumot, na inihuhugos mula sa langit na
nakabitin sa apat na sulok; at dumating hanggang sa akin: 6
At nang yao'y aking titigan, ay pinagwari ko, at aking nakita
ang mga hayop na may apat na paa sa lupa at mga hayop na
ganid at ang mga nagsisigapang at mga ibon sa langit. 7 At
nakarinig din naman ako ng isang tinig na nagsasabi sa akin,
Magtindig ka, Pedro; magpatay ka at kumain. 8 Datapuwa't
sinabi ko, Hindi maaari, Panginoon: sapagka't kailan man
ay walang anomang pumasok sa aking bibig na marumi o
karumaldumal. 9 Nguni't sumagot na ikalawa ang tinig mula
sa langit, Ang nilinis ng Dios, ay huwag mong ipalagay na
marumi. 10 At ito'y nangyaring makaitlo: at muling binatak
ang lahat sa langit. 11 At narito, pagdaka'y nangagsitayo sa
tapat ng bahay na aming kinaroroonan, ang tatlong lalake na
mga sinugo sa akin buhat sa Cesarea. 12 At iniutos sa akin
ng Espiritu na ako'y sumama sa kanila, na huwag magtangi.
At nagsisama naman sa akin itong anim na kapatid; at
nagsipasok kami sa bahay ng lalaking yaon: 13 At kaniyang
isinaysay sa amin kung paanong nakita niya ang anghel na
nakatindig sa kaniyang bahay, at nagsasabi, Magsugo ka sa
Joppe, at ipagsama mo si Simon, na may pamagat na Pedro;
14 Na siyang magsasaysay sa iyo ng mga salita, na ikaliligtas
mo, ikaw at ng buong sangbahayan mo. 15 At nang ako'y

magpasimulang magsalita, ay bumaba sa kanila ang Espiritu
Santo, na gaya naman ng pagbaba sa atin nang una. 16 At
naalaala ko ang salita ng Panginoon, kung paanong sinabi
niya, Tunay na si Juan ay nagbautismo ng tubig; datapuwa't
kayo'y babautismuhan sa Espiritu Santo. 17 Kung ibinigay
nga sa kanila ng Dios ang gayon ding kaloob na gaya naman
ng kaniyang ibinigay sa atin, nang tayo'y nagsisisampalataya
sa Panginoong Jesucristo, sino baga ako, na makahahadlang
sa Dios? 18 At nang marinig nila ang mga bagay na ito,
ay nagsitahimik sila, at niluwalhati ang Dios, na sinasabi,
Kung gayo'y binigyan din naman ng Dios ang mga Gentil
ng pagsisisi sa ikabubuhay. 19 Yaon ngang nagsipangalat
sa ibang lupain dahil sa kapighatian na nangyari tungkol
kay Esteban ay nangaglakbay hanggang sa Fenicia, at sa
Chipre, at sa Antioquia, na hindi nagsaysay kanino man ng
salita kundi sa mga Judio lamang. 20 Datapuwa't may ilan
sa kanila, mga taong taga Chipre at taga Cirene, na, nang
sila'y magsidating sa Antioquia, ay nangagsalita naman
sa mga Griego, na ipinangangaral ang Panginoong Jesus.
21 At sumasa kanila ang kamay ng Panginoon: at ang
lubhang marami sa nagsisisampalataya ay nangagbalik-loob
sa Panginoon. 22 At dumating ang balita tungkol sa kanila
sa mga tainga ng iglesia na nasa Jerusalem: at kanilang
sinugo si Bernabe hanggang sa Antioquia: 23 Na, nang
siya'y dumating, at makita ang biyaya ng Dios, ay nagalak;
at kaniyang inaralan ang lahat, na sa kapasiyahan ng puso
ay magsipanatili sa Panginoon: 24 Sapagka't siya'y lalaking
mabuti, at puspos ng Espiritu Santo at ng pananampalataya:
at maraming tao ang nangaparagdag sa Panginoon. 25 At
siya'y naparoon sa Tarso upang hanapin si Saulo; 26 At
nang siya'y kaniyang masumpungan ay kaniyang dinala siya
sa Antioquia. At nangyari, na sa buong isang taon sila'y
nakisama sa iglesia, at nagsipagturo sa maraming tao; at
ang mga alagad ay pinasimulang tawaging mga Cristiano,
sa Antioquia. 27 Nang mga araw ngang ito ay may lumusong
sa Antioquia na mga propetang galing sa Jerusalem. 28 At
nagtindig ang isa sa kanila na nagngangalang Agabo, at
ipinaalam sa pamamagitan ng Espiritu na magkakagutom
ng malaki sa buong sanglibutan: na nangyari nang mga
kaarawan ni Claudio. 29 At ang mga alagad, ayon sa kaya
ng bawa't isa, ay nangagpasiyang magpadala ng saklolo
sa mga kapatid na nangananahan sa Judea: 30 Na siya
nga nilang ginawa, na ipinadala nila sa mga matanda sa
pamamagitan ng kamay ni Bernabe at ni Saulo.

**12** Nang panahon ngang yaon ay iniunat ni Herodes ang
kaniyang mga kamay upang pahirapan ang ilan sa
iglesia. 2 At pinatay niya sa tabak si Santiago na kapatid ni
Juan. 3 At nang makita niya na ito'y ikinatutuwa ng mga
Judio, ay kaniya namang ipinagpatuloy na hulihin si Pedro.
At noo'y mga araw ng mga tinapay na walang lebadura. 4
At nang siya'y mahuli na niya, ay kaniyang inilagay siya
sa bilangguan at siya'y ibinigay sa apat na tigaapat na
kawal upang siya'y bantayan; na inaakalang siya'y iharap sa
bayan pagkatapos ng Paskua. 5 Kaya nga't si Pedro ay
iningatan sa bilangguan: datapuwa't ang iglesia ay maningas
na dumalangin sa Dios patungkol sa kaniya. 6 At nang
siya'y malapit nang ilabas ni Herodes, nang gabi ring yaon
ay natutulog si Pedro sa gitna ng dalawang kawal, na
nagagapos ng dalawang tanikala: at ang mga bantay sa
harap ng pintuan ay nangagbabantay ng bilangguan. 7 At
narito, tumayo sa tabi niya ang isang anghel ng Panginoon,
at lumiwanag ang isang ilaw sa silid na kulungan: at tinapik si
Pedro sa tagiliran, at siya'y ginising, na sinasabi, Magbangon
kang madali. At nangalaglag ang kaniyang mga tanikala
sa kaniyang mga kamay. 8 At sinabi sa kaniya ng anghel,
Magbigkis ka, at itali mo ang iyong mga pangyapak. At
gayon ang ginawa niya. At sinabi niya sa kaniya. Isuot mo
sa iyo ang damit mo, at sumunod ka sa akin. 9 At siya'y
lumabas, at sumunod; at hindi niya nalalaman kung tunay
ang ginawa ng anghel kundi ang isip niya'y nakakita siya ng
isang pangitain. 10 At nang kanilang maraanan na ang una
at ang pangalawang bantay, ay nagsirating sila sa pintuang-
bakal na patungo sa bayan; na kusang nabuksan sa kanila:
at sila'y nagsilabas, at nangagpatuloy sa isang lansangan; at
pagdaka'y humiwalay sa kaniya ang anghel. 11 At nang si
Pedro ay pagsaulian ng isip, ay kaniyang sinabi, Ngayo'y
nalalaman kong sa katotohanan ay sinugo ng Panginoon
ang kaniyang anghel at iniligtas ako sa kamay ni Herodes at
sa buong pagasa ng bayan ng mga Judio. 12 At nang siya'y
makapagnilay na, ay naparoon siya sa bahay ni Maria na
ina ni Juan na may pamagat na Marcos; na kinaroroonan
ng maraming nangagkakatipon at nagsisipanalangin. 13 At
nang siya'y tumuktok sa pintuang-daan, ay lumabas upang
sumagot, ang isang dalagang nagngangalang Rode. 14 At
nang makilala niya ang tinig ni Pedro, sa tuwa'y hindi niya
binuksan ang pintuan, kundi nagtakbo sa loob, ipinagbigay-
alam na nakatayo si Pedro sa harap ng pintuan. 15 At
kanilang sinabi sa kaniya, Nauulol ka. Datapuwa't buong
tiwala niyang pinatunayan na gayon nga. At kanilang sinabi,
na yao'y kaniyang anghel. 16 Datapuwa't nanatili si Pedro
nang pagtuktok: at nang kanilang buksan, ay nakita nila
siya, at sila'y nangamangha. 17 Datapuwa't siya, nang
mahudyatan sila ng kaniyang kamay na sila'y tumahimik, ay
isinaysay sa kanila kung paanong inilabas siya ng Panginoon
sa bilangguan. At sinabi niya, Ipagbigay-alam ninyo ang
mga bagay na ito kay Santiago, at sa mga kapatid. At siya'y
umalis, at napasa ibang dako. 18 Nang maguumaga na
ay hindi kakaunti ang kaguluhang nangyari sa mga kawal,

tungkol sa kung anong nangyari kay Pedro. 19 At nang siya'y
maipahanap na ni Herodes, at hindi siya nasumpungan,
ay siniyasat niya ang mga bantay, at ipinagutos na sila'y
patayin. At siya buhat sa Judea ay lumusong sa Cesarea, at
doon tumira. 20 At galit na galit nga si Herodes sa mga taga
Tiro at taga Sidon: at sila'y nangagkaisang pumaroon sa
kaniya, at, nang makaibigan na nila si Blasto na katiwala ng
hari, ay kanilang ipinamanhik ang pagkakasundo, sapagka't
ang lupain nila'y pinakakain ng lupain ng hari. 21 At isang
takdang araw ay nagsuot si Herodes ng damit-hari, at naupo
sa luklukan, at sa kanila'y tumalumpati. 22 At ang bayan ay
sumigaw, Tinig ng dios, at hindi ng tao. 23 At pagdaka'y
sinaktan siya ng isang anghel ng Panginoon, sapagka't hindi
niya ibinigay ang kaluwalhatian sa Dios: at siya'y kinain ng
mga uod, at nalagot ang hininga. 24 Datapuwa't lumago
ang salita ng Dios at dumami. 25 At nagbalik na galing sa
Jerusalem si Bernabe at si Saulo, nang maganap na nila
ang kanilang ministerio, na kanilang isinama si Juan na may
pamagat na Marcos.

**13** Sa iglesia nga na nasa Antioquia ay may mga propeta
at mga guro, si Bernabe, at si Simeon na tinatawag na
Niger, at si Lucio na taga Cirene, at si Manaen na kapatid sa
gatas ni Herodes na tetrarka, at si Saulo. 2 At nang sila'y
nagsisipaglingkod sa Panginoon, at nangagaayuno, ay sinabi
ng Espiritu Santo, Ibukod ninyo sa akin si Bernabe at si Saulo
sa gawaing itinawag ko sa kanila. 3 Nang magkagayon, nang
sila'y makapagayuno na at makapanalangin at maipatong
ang mga kamay nila sa kanila, ay kanilang pinayaon
sila. 4 Sila nga, palibhasa'y sinugo ng Espiritu Santo,
ay nagsilusong sa Seleucia; at buhat doo'y nangaglayag
hanggang sa Chipre. 5 At nang sila'y nasasa Salamina, ay
kanilang ipinangaral ang salita ng Dios sa mga sinagoga ng
mga Judio: at kanila namang katulong si Juan. 6 At nang
kanilang matahak na ang buong pulo hanggang sa Pafos,
ay nakasumpong sila ng isang manggagaway, bulaang
propeta, Judio, na ang kaniyang pangalan ay Bar-Jesus; 7
Na kasama ng proconsul, Sergio Paulo, lalaking matalino.
Ito rin ang nagpatawag kay Bernabe at kay Saulo, at
minimithing mapakinggan ang salita ng Dios. 8 Datapuwa't
si Elimas na manggagaway (sapagka't ganito nga ang
pakahulugan sa kaniyang pangalan) ay humadlang sa
kanila, na pinagsisikapang ihiwalay sa pananampalataya
ang proconsul. 9 Datapuwa't si Saulo, na tinatawag ding
Pablo, na puspos ng Espiritu Santo, ay itinitig sa kaniya
ang kaniyang mga mata, 10 At sinabi, Oh puspos ng lahat
ng karayaan at ng lahat ng kasamaan, ikaw na anak ng
diablo, ikaw na kaaway ng lahat ng katuwiran, hindi ka
baga titigil ng pagpapasama sa mga daang matuwid ng
Panginoon? 11 At ngayon, narito, nasa iyo ang kamay
ng Panginoon, at mabubulag ka, na hindi mo makikita
ang araw na kaunting panahon. At pagdaka'y nahulog sa
kaniya ang isang ulap at ang isang kadiliman; at siya'y
nagpalibot na humahanap ng sa kaniya'y aakay sa kamay.
12 Nang magkagayon, pagkakita ng proconsul sa nangyari,
ay nanampalataya, na nanggigilalas sa aral ng Panginoon.
13 Nagsitulak nga sa Pafos si Pablo at ang kaniyang mga
kasama, at sumadsad sa Perga ng Pamfilia: at humiwalay
sa kanila si Juan at nagbalik sa Jerusalem. 14 Datapuwa't
sila, pagkatahak sa Perga, ay nagsidating sa Antioquia
ng Pisidia; at sila'y nagsipasok sa sinagoga nang araw ng
sabbath, at nagsiupo. 15 At pagkatapos ng pagbasa ng
kautusan at ng mga propeta, ang mga pinuno sa sinagoga
ay nagpautos sa kanila, na sinasabi, Mga kapatid, kung
mayroon kayong anomang iaaral sa bayan, ay mangagsalita
kayo. 16 At nagtindig si Pablo, at ang kamay ay ikinikiya na
nagsabi, Mga lalaking taga Israel, at kayong nangatatakot sa
Dios, magsipakinig kayo. 17 Hinirang ng Dios nitong bayang
Israel ang ating mga magulang, at pinaunlakan ang bayan
nang sila'y nakipamayan sa Egipto, at sa pamamagitan ng
taas at unat na kamay ay kaniyang inilabas sila roon. 18 At
nang panahong halos apat na pung taon, ay kaniyang binata
ang mga kaugalian nila sa ilang. 19 At nang maiwasak na
niya ang pitong bansa sa lupaing Canaan, ay ibinigay niya
sa kanila ang kanilang lupain na pinakamana, sa loob ng
halos apat na raa't limangpung taon: 20 At pagkatapos
ng mga bagay na ito ay binigyan niya sila ng mga hukom
hanggang kay Samuel na propeta. 21 At pagkatapos ay
nagsihingi sila ng hari: at ibinigay ng Dios sa kanila si Saul
na anak ni Kis na isang lalake sa angkan ni Benjamin; sa
loob ng apat na pung taon. 22 At nang siya'y alisin niya, ay
ibinangon niya si David upang maging hari nila; na siya rin
namang pinatotohanan niya at sinabi, Nasumpungan ko si
David na anak ni Jesse na isang lalaking kinalulugdan ng
aking puso, na gagawa ng buong kalooban ko. 23 Sa binhi
ng taong ito, ayon sa pangako, ang Dios ay nagkaloob ng
isang Tagapagligtas, na si Jesus; 24 Noong unang ipangaral
ni Juan ang bautismo ng pagsisisi sa buong bayang Israel
bago siya dumating. 25 At nang ginaganap na ni Juan ang
kaniyang katungkulan, ay sinabi niya, Sino baga ako sa
inyong akala? Hindi ako siya. Datapuwa't narito, may isang
dumarating sa hulihan ko na hindi ako karapatdapat na
magkalag ng mga pangyapak ng kaniyang mga paa. 26
Mga kapatid, mga anak ng lahi ni Abraham, at ang mga
sa inyo'y nangatatakot sa Dios, sa atin ipinadadala ang
salita ng kaligtasang ito. 27 Sapagka't silang nangananahan
sa Jerusalem at ang mga pinuno nila, dahil sa hindi nila
pagkakilala sa kaniya, ni sa mga tinig ng mga propeta na sa
tuwing sabbath ay binabasa, ay kanilang tinupad ang hatol

sa kaniya. **28** At bagaman hindi sila nakasumpong sa kaniya
ng anomang kadahilanang sukat ipatay, gayon ma'y kanilang
hiningi kay Pilato na siya'y patayin. **29** At nang maganap na
nila ang lahat ng mga bagay na nasusulat tungkol sa kaniya,
ay kanilang ibinaba siya sa punong kahoy, at inilagay siya
sa isang libingan. **30** Datapuwa't siya'y binuhay na maguli ng
Dios sa mga patay: **31** At siya'y nakitang maraming mga
araw ng mga kasama niyang nagsiahon buhat sa Galilea
hanggang sa Jerusalem, na siyang mga saksi niya ngayon
sa bayan. **32** At dinadalhan namin kayo ng mabubuting balita
ng pangakong ipinangako sa mga magulang, **33** Na tinupad
din ng Dios sa ating mga anak nang muling buhayin niya si
Jesus; gaya naman ng nasusulat sa ikalawang awit, Ikaw ay
aking Anak, sa araw na ito ay naging anak kita. **34** At tungkol
sa muling binuhay niya, upang ngayon at kailan ma'y huwag
nang magbalik sa kabulukan, ay nagsalita siya ng ganito,
Ibibigay ko sa iyo ang banal at tunay na mga pagpapala ni
David. **35** Sapagka't sinabi rin naman niya sa ibang awit,
Hindi mo ipagkakaloob na ang iyong Banal ay makakita
ng kabulukan. **36** Sapagka't si David, nang maipaglingkod
na niya sa kaniyang sariling lahi ang pasiya ng Dios, ay
natulog, at isinama sa kaniyang mga magulang, at nakakita
ng kabulukan. **37** Datapuwa't yaong binuhay na maguli ng
Dios ay hindi nakakita ng kabulukan. **38** Kaya maging hayag
nawa sa inyo, mga kapatid, na sa pamamagitan ng taong
ito'y ibinabalita sa inyo ang kapatawaran ng mga kasalanan:
**39** At sa pamamagitan niya ang bawa't nananampalataya
ay inaaring ganap sa lahat ng mga bagay, na sa mga ito'y
hindi kayo aariing ganap sa pamamagitan ng kautusan ni
Moises. **40** Magsipagingat nga kayo, na baka magsisapit sa
inyo ang sinalita ng mga propeta: **41** Tingnan ninyo, mga
mapagwalang-halaga, at mangapagilalas kayo, at kayo'y
mangaparam: Sapagka't ako'y gumagawa ng isang gawa sa
inyong mga kaarawan, Isang gawang sa anomang paraa'y
hindi ninyo paniniwalaan kung saysayin sa inyo ng sinoman.
**42** At pagalis nila, ay kanilang ipinamanhik na salitain sa
kanila ang mga salitang ito sa sabbath na susunod. **43** Nang
makaalis nga ang kapisanan sa sinagoga, marami sa mga
Judio at nangaging-Judiong masisipag sa kabanalan ay
nagsisunod kay Pablo at kay Bernabe; na, sa pagsasalita
sa kanila, ay sila'y hinimok na magsipanatili sa biyaya
ng Dios. **44** At nang sumunod na sabbath ay nagkatipon
halos ang buong bayan upang pakinggan ang salita ng
Dios. **45** Datapuwa't nang makita ng mga Judio ang mga
karamihan, ay nangapuno ng kapanaghilian, at tinutulan ang
mga bagay na sinalita ni Pablo, at nagsipamusong. **46** At
nagsipagsalita ng buong katapangan si Pablo at si Bernabe,
at nagsipagsabi, Kinakailangang salitain muna ang salita ng
Dios sa inyo. Yamang inyong itinatakuwil, at hinahatulan
ninyong hindi kayo karapatdapat sa walang hanggang buhay,
narito, kami ay pasasa mga Gentil. **(aiōnios g166)** **47** Sapagka't
ganito ang ipinagutos sa amin ng Panginoon, na sinasabi,
Inilagay kitang isang ilaw ng mga Gentil, Upang ikaw ay
maging sa ikaliligtas hanggang sa kahulihulihang hangganan
ng lupa. **48** At nang marinig ito ng mga Gentil, ay nangagalak
sila, at niluwalhati ang salita ng Dios: at nagsisampalataya
ang lahat ng mga itinalaga sa buhay na walang hanggan.
**(aiōnios g166)** **49** At lumaganap ang salita ng Panginoon
sa buong lupain. **50** Datapuwa't inudyukan ng mga Judio
ang mga babaing masisipag sa kabanalan na may mga
kalagayang mahal, at ang mga mahal na tao sa bayan, at
nangagbangon ng paguusig laban kay Pablo at kay Bernabe,
at kanilang pinalayas sila sa kanilang mga hangganan. **51**
Datapuwa't ipinagpag nila ang alabok ng kanilang mga paa
laban sa kanila, at nagsiparoon sa Iconio. **52** At ang mga
alagad ay nangapuspos ng kagalakan at ng Espiritu Santo.

**14** At nangyari sa Iconio na sila'y magkasamang
nagsipasok sa sinagoga ng mga Judio, at nangagsalita
ng gayon na lamang na ano pa't nagsisampalataya ang
lubhang marami sa mga Judio at sa mga Griego. **2** Datapuwa't
inudyukan ng mga Judiong suwail ang mga kaluluwa ng mga
Gentil, at pinasama sila laban sa mga kapatid. **3** Nagsitira
nga sila doon ng mahabang panahon na nagsisipagsalita
ng buong katapangan sa Panginoon, na nagpapatotoo sa
salita ng kaniyang biyaya, na ipinagkakaloob na gawin ng
kanilang mga kamay ang mga tanda at mga kababalaghan.
**4** Datapuwa't nagkabahabahagi ang karamihan sa bayan; at
ang isang bahagi'y nakisama sa mga Judio, at ang ibang
bahagi'y nakisama sa mga apostol. **5** At nang gawin ang
pagdaluhong ng mga Gentil at ng mga Judio naman na
kasama ang kanilang mga pinuno, upang sila'y halayin at
batuhin, **6** At sa pagkaalam nila nito, ay nagsitakas na
patungo sa mga bayan ng Licaonia, Listra at Derbe, at
sa palibotlibot ng lupain: **7** At doon nila ipinangaral ang
evangelio. **8** At sa Listra ay may isang lalaking nakaupo,
na sa mga paa'y walang lakas, pilay mula pa sa tiyan ng
kaniyang ina, na kailan ma'y hindi nakalakad. **9** Narinig
nitong nagsasalita si Pablo: na, nang titigan siya ni Pablo, at
makitang may pananampalataya upang mapagaling, **10** Ay
nagsabi ng malakas na tinig, Magtindig kang matuwid sa
iyong mga paa. At siya'y lumukso at lumakad. **11** At nang
makita ng karamihan ang ginawa ni Pablo, ay nagsigawan
sila, na sinasabi sa wikang Licaonia, Ang mga dios ay
nagsibaba sa atin sa anyo ng mga tao. **12** At tinawag nilang
Jupiter, si Bernabe; at Mercurio, si Pablo, sapagka't siya ang
pangulong tagapagsalita. **13** At ang saserdote ni Jupiter na
ang kaniyang templo ay nasa harap ng bayan, ay nagdala
ng mga baka't mga putong na bulaklak sa mga pintuang-

daan, at ibig maghaing kasama ng mga karamihan. **14**
Datapuwa't nang marinig ito ng mga apostol, na si Bernabe
at si Pablo, ay hinapak nila ang kanilang mga damit, at
nagsipanakbo sa gitna ng karamihan, na nagsisigaw, **15** At
nagsisipagsabi, Mga ginoo, bakit ninyo ginagawa ang mga
bagay na ito? Kami'y mga tao ring may mga karamdamang
gaya ninyo, at nangagdadala ng mabubuting balita sa inyo,
upang mula sa mga bagay na itong walang kabuluhan ay
magsibalik kayo sa Dios na buhay, na gumawa ng langit
at ng lupa at ng dagat, at ng lahat ng nasa mga yaon:
**16** Na nang mga panahong nakaraan ay pinabayaan niya
ang lahat ng mga bansa ay magsilakad sa kanilang mga
sariling daan. **17** At gayon man ay hindi nagpabayang di
nagbigay patotoo, tungkol sa kaniyang sarili, na gumawa
ng mabuti at nagbigay sa inyo ng ulang galing sa langit
at ng mga panahong sagana, na pinupuno ang inyong
mga puso ng pagkain at ng katuwaan. **18** At sa mga
pananalitang ito ay bahagya na nilang napigil ang karamihan
sa paghahain sa kanila. **19** Datapuwa't nagsirating ang mga
Judiong buhat sa Antioquia at Iconio: at nang mahikayat
nila ang mga karamihan, ay kanilang pinagbabato si Pablo,
at kinaladkad nila siya sa labas ng bayan, na inaakalang
siya'y patay na. **20** Datapuwa't samantalang ang mga
alagad ay nangakatayo sa paligid niya, ay nagtindig siya, at
pumasok sa bayan: at nang kinabukasa'y umalis siya na
kasama ni Bernabe napasa Derbe. **21** At nang maipangaral
na nila ang evangelio sa bayang yaon, at makahikayat
ng maraming mga alagad, ay nagsibalik sila sa Listra at
sa Iconio, at sa Antioquia, **22** Na pinatitibay ang mga
kaluluwa ng mga alagad, at inaaralan sila na magsipanatili
sa pananampalataya, at sa pamamagitan ng maraming mga
kapighatian ay kinakailangang magsipasok tayo sa kaharian
ng Dios. **23** At nang makapaglagay na sa kanila ng mga
matanda sa bawa't iglesia, at nang makapanalanging may
pagaayuno, ay ipinagtagubilin sila sa Panginoong kanilang
sinampalatayanan. **24** At kanilang tinahak ang Pisidia, at
nagsiparoon sa Pamfilia. **25** At nang masalita na nila ang
salita sa Perga, ay nagsilusong sila sa Atalia; **26** At buhat
doo'y nagsilayag sila sa Antioquia, na doo'y ipinagtagubilin
sila sa biyaya ng Dios dahil sa gawang kanilang natapos na.
**27** At nang sila'y magsidating, at matipon na ang iglesia, ay
isinaysay nila ang lahat ng mga bagay na ginawa ng Dios sa
kanila, at kung paanong binuksan niya sa mga Gentil ang
pintuan ng pananampalataya. **28** At nangatira silang hindi
kakaunting panahon na kasama ng mga alagad.

**15** At may ibang mga taong nagsilusong mula sa Judea
ay nagsipagturo sa mga kapatid, na sinasabi, Maliban
na kayo'y mangagtuli ayon sa kaugalian ni Moises, ay hindi
kayo mangaliligtas. **2** At nang magkaroon si Pablo at si
Bernabe ng di kakaunting pagtatalo at pakikipagtuligsaan sa
kanila, ay ipinasiya ng mga kapatid na si Pablo at si Bernabe,
at ang ilan sa kanila, ay magsiahon sa Jerusalem, sa mga
apostol at sa mga matanda tungkol sa suliraning ito. **3** Sila
nga, palibhasa'y inihatid ng iglesia sa kanilang paglalakbay,
ay tinahak ang Fenicia at Samaria, na isinasaysay ang
pagbabalik-loob ng mga Gentil: at sila'y nakapagbigay
ng malaking kagalakan sa lahat ng mga kapatid. **4** At
nang sila'y magsidating sa Jerusalem, ay tinanggap sila
ng iglesia at ng mga apostol at ng mga matanda, at
isinaysay nila ang lahat ng mga bagay na ginawa ng Dios sa
pamamagitan nila. **5** Datapuwa't nagsitindig ang ilan sa sekta
ng mga Fariseong nagsisampalataya na nangagsasabi,
Kinakailangang sila'y tuliin, at sa kanila'y ipagbiling ganapin
ang kautusan ni Moises. **6** At nangagkatipon ang mga
apostol at ang mga matanda upang pagusapan ang bagay
na ito. **7** At pagkatapos ng maraming pagtatalo, ay nagtindig
si Pedro, at sinabi sa kanila, Mga kapatid, nalalaman
ninyo na nang unang panahong nakaraan ay humirang
ang Dios sa inyo, upang sa pamamagitan ng aking bibig
ay mapakinggan ng mga Gentil ang salita ng Evangelio,
at sila'y magsisampalataya. **8** At ang Dios, na nakatataho
ng puso, ay nagpatotoo sa kanila, na sa kanila'y ibinigay
ang Espiritu Santo, na gaya naman ng kaniyang ginawa
sa atin; **9** At tayo'y hindi niya itinangi sa kanila, na nilinis
sa pamamagitan ng pananampalataya ang kanilang mga
puso. **10** Ngayon nga bakit ninyo tinutukso ang Dios, na
inyong nilalagyan ng pamatok ang batok ng mga alagad
na kahit ang ating mga magulang ni tayo man ay hindi
maaaring makadala? **11** Datapuwa't naniniwala tayo na tayo'y
mangaliligtas sa pamamagitan ng biyaya ng Panginoong
Jesus, na gaya rin naman nila. **12** At nagsitahimik ang buong
karamihan; at kanilang pinakinggan si Bernabe at si Pablo na
nagsisipagsaysay ng mga tanda at ng mga kababalaghang
ginawa ng Dios sa mga Gentil sa pamamagitan nila. **13**
At nang matapos na silang magsitahimik, ay sumagot si
Santiago, na sinasabi, Mga kapatid, pakinggan ninyo ako:
**14** Sinaysay na ni Simeon kung paanong dinalaw na una
ng Dios ang mga Gentil, upang kumuha sa kanila ng isang
bayan sa kaniyang pangalan. **15** At dito'y nasasangayon
ang mga salita ng mga propeta; gaya ng nasusulat, **16**
Pagkatapos ng mga bagay na ito, ako'y babalik, At muli
kong itatayo ang tabernakulo ni David, na nabagsak; At
muli kong itatayo ang nangasira sa kaniya. At ito'y aking
itatayo: **17** Upang hanapin ng nalabi sa mga tao ang
Panginoon, At ng lahat ng mga Gentil, na tinatawag sa
aking pangalan, **18** Sabi ng Panginoon, na nagpapakilala ng
mga bagay na ito mula nang una. **(aiōn g165)** **19** Dahil dito'y
ang hatol ko, ay huwag nating gambalain yaong sa mga

Gentil ay nangagbabalik-loob sa Dios; 20 Kundi sumulat
tayo sa kanila, na sila'y magsilayo sa mga ikahahawa
sa diosdiosan, at sa pakikiapid, at sa binigti, at sa dugo.
21 Sapagka't si Moises mula nang unang panahon ay
mayroon sa bawa't bayan na nangangaral tungkol sa kaniya,
palibhasa'y binabasa sa mga sinagoga sa bawa't sabbath.
22 Nang magkagayo'y minagaling ng mga apostol at ng
matatanda, pati ng buong iglesia, na magsihirang ng mga
tao sa kanilang magkakasama, at suguin sa Antioquia na
kasama ni Pablo at ni Bernabe; si Judas na tinatawag na
Barsabas, at si Silas na mga nangungulo sa mga kapatid: 23
At nagsisulat sila sa pamamagitan nila, Ang mga apostol at
ang mga matanda, mga kapatid, sa mga kapatid na nangasa
mga Gentil sa Antioquia at Siria at Cilicia, ay bumabati: 24
Sapagka't aming nabalitaan na ang ilang nagsialis sa amin
ay nangangbagabag sa inyo ng mga salita, na isininsay ang
inyong mga kaluluwa; na sa kanila'y hindi kami nangagutos
ng anoman; 25 Ay minagaling namin, nang mapagkaisahan
na, na magsihirang ng mga lalake at suguin sila sa inyo
na kasama ng aming mga minamahal na si Bernabe at si
Pablo, 26 Na mga lalaking nangagsapanganib ng kanilang
mga buhay alang-alang sa pangalan ng ating Panginoong
Jesucristo. 27 Kaya nga sinugo namin si Judas at si Silas,
na mangagsasaysay din naman sila sa inyo ng gayon ding
mga bagay sa salita ng bibig. 28 Sapagka't minagaling ng
Espiritu Santo, at namin, na huwag kayong atangan ng
lalong mabigat na pasanin maliban sa mga bagay na ito na
kinakailangan: 29 Na kayo'y magsiilag sa mga bagay na
inihain sa mga diosdiosan, at sa dugo, at sa mga binigti, at
sa pakikiapid; kung kayo'y mangilag sa mga bagay na ito,
ay ikabubuti ninyo. Paalam na sa inyo. 30 Kaya nga, nang
sila'y mapayaon na, ay nagsilusong sa Antioquia; at nang
matipon na nila ang karamihan, ay kanilang ibinigay ang
sulat. 31 At nang ito'y kanilang mabasa na, ay nangagalak
dahil sa pagkaaliw. 32 Si Judas at si Silas, palibhasa'y
mga propeta rin naman, ay inaralan ang mga kapatid ng
maraming mga salita, at sila'y pinapagtibay. 33 At nang sila'y
makapaggugol na ng ilang panahon doon, ay payapang
pinapagbalik sila ng mga kapatid sa mga nagsipagsugo sa
kanila. 34 Datapuwa't minagaling ni Silas ang matira roon.
35 Datapuwa't nangatira si Pablo at si Bernabe sa Antioquia,
na itinuturo at ipinangangaral ang salita ng Panginoon, na
kasama naman ng ibang marami. 36 At nang makaraan
ang ilang araw ay sinabi ni Pablo kay Bernabe, Pagbalikan
natin ngayon at dalawin ang mga kapatid sa bawa't bayang
pinangaralan natin ng salita ng Panginoon, at tingnan
natin kung ano ang lagay nila. 37 At inibig ni Bernabe na
kanilang isama naman si Juan, na tinatawag na Marcos.
38 Datapuwa't hindi minagaling ni Pablo na isama nila ang
humiwalay sa kanila mula sa Pamfilia, at hindi sumama
sa kanila sa gawain. 39 At nagkaroon ng pagtatalo, ano
pa't sila'y naghiwalay, at isinama ni Bernabe si Marcos,
at lumayag sa Chipre: 40 Datapuwa't hinirang ni Pablo si
Silas, at yumaon, na sila'y ipinagtagubilin ng mga kapatid sa
biyaya ng Panginoon. 41 At kaniyang tinahak ang Siria at
Cilicia, na pinagtitibay ang mga iglesia.

**16** At siya'y naparoon din naman sa Derbe at sa Listra:
at narito, naroon ang isang alagad, na nagngangalang
Timoteo, na anak ng isang Judiang sumasampalataya;
datapuwa't Griego ang kaniyang ama. 2 Siya'y may mabuting
patotoo ng mga kapatid na nangasa Listra at Iconio. 3 Iniibig
ni Pablo na sumama siya sa kaniya; at kaniyang kinuha siya
at tinuli dahil sa mga Judio na nangasa mga dakong yaon:
sapagka't nalalaman ng lahat na ang kaniyang ama'y Griego.
4 At sa kanilang pagtahak sa mga bayan, ay ibinigay sa kanila
ang mga utos na inilagda ng mga apostol at ng mga matanda
sa Jerusalem, upang kanilang tuparin. 5 Kaya nga, ang mga
iglesia'y pinalakas sa pananampalataya at naragdagan ang
bilang araw-araw. 6 At nang kanilang matahak ang lupain ng
Frigia at Galacia, ay pinagbawalan sila ng Espiritu Santo na
saysayin ang salita sa Asia; 7 At nang sila'y magsidating sa
tapat ng Misia, ay pinagsikapan nilang magsipasok sa Bitinia;
at hindi sila tinulutan ng Espiritu ni Jesus; 8 At pagkaraan
nila sa Misia, ay nagsilusong sila sa Troas. 9 At napakita
ang isang pangitain sa gabi kay Pablo: May isang lalaking
taga Macedonia na nakatayo, na namamanhik sa kaniya, at
sinasabi, Tumawid ka sa Macedonia, at tulungan mo kami.
10 At pagkakita niya sa pangitain, pagdaka'y pinagsikapan
naming magsiparoon sa Macedonia, na pinatutunayang
kami'y tinawag ng Dios upang sa kanila'y ipangaral ang
evangelio. 11 Pagtulak nga sa Troas, ay pinunta namin ang
Samotracia, at nang kinabukasa'y ang Neapolis; 12 At mula
doo'y ang Filipos, na isang bayan ng Macedonia, na siyang
una sa purok, lupang nasasakupan ng Roma: at nangatira
kaming ilang araw sa bayang yaon. 13 At nang araw ng
sabbath ay nagsilabas kami sa labas ng pintuan sa tabi ng
ilog, na doo'y sinapantaha naming may mapapanalanginan;
at kami'y nangaupo, at nakipagsalitaan sa mga babaing
nangagkatipon. 14 At isang babaing nagngangalang Lidia,
na mangangalakal ng kayong kulay-ube, na taga bayan ng
Tiatira, isang masipag sa kabanalan, ay nakinig sa amin: na
binuksan ng Panginoon ang kaniyang puso upang unawain
ang mga bagay na sinalita ni Pablo. 15 At nang siya'y
mabautismuhan na, at ang kaniyang mga kasangbahay,
ay namanhik siya sa amin, na sinasabi, Kung inyong
inaakalang ako'y tapat sa Panginoon, ay magsipasok kayo
sa aking bahay, at kayo'y magsitira doon. At kami'y pinilit
niya. 16 At nangyari, na nang kami'y nagsisiparoon sa

mapapanalanginan, ay sinalubong kami ng isang dalagang
may karumaldumal na espiritu ng panghuhula, at nagdadala
ng maraming pakinabang sa kaniyang mga panginoon sa
pamamagitan ng panghuhula. 17 Siya'y sumusunod kay
Pablo at sa amin at nagsisigaw, na sinasabi, Mga alipin ng
Kataastaasang Dios ang mga taong ito, na nagsisipangaral
sa inyo ng daan ng kaligtasan. 18 At maraming mga araw na
ginawa niya ito. Datapuwa't palibhasa'y si Pablo ay totoong
nababagabag, ay lumingon at sinabi sa espiritu, Iniuutos ko
sa iyo sa pangalan ni Jesucristo na lumabas ka sa kaniya.
At ito ay lumabas nang oras ding yaon. 19 Datapuwa't
nang makita ng kaniyang mga panginoon na wala na ang
inaasahan nilang kapakinabangan, ay hinuli nila si Pablo
at si Silas, at kinaladkad sila sa pamilihan, sa harapan ng
mga may kapangyarihan, 20 At nang maiharap na sila sa
mga hukom, ay sinabi nila, Ang mga lalaking ito, palibhasa'y
mga Judio, ay nagsisipanggulong totoo sa ating bayan,
21 At nangaghahayag ng mga kaugaliang hindi matuwid
nating tanggapin, o gawin, palibhasa tayo'y Romano. 22 At
samasamang nagsitindig ang karamihan laban sa kanila: at
hinapak ng mga hukom ang kanilang mga damit, at ipinapalo
sila ng mga panghampas. 23 At nang sila'y mapalo na nila ng
marami, ay ipinasok sila sa bilangguan, na ipinagtatagubilin
sa tagapamahala na sila'y bantayang maigi: 24 Na, nang
tanggapin nito ang gayong tagubilin, ay ipinasok sila sa
kaloobloob ng bilangguan, at piniit ang kanilang mga paa
sa mga pangawan. 25 Datapuwa't nang maghahatinggabi
na si Pablo at si Silas ay nagsipanalangin at nagsiawit
ng mga himno sa Dios, at sila'y pinakikinggan ng mga
bilanggo; 26 At kaginsaginsa'y nagkaroon ng isang malakas
na lindol, ano pa't nangagsiuga ang mga patibayan ng bahay-
bilangguan: at pagdaka'y nangabuksan ang lahat ng mga
pinto; at nangakalas ang mga gapos ng bawa't isa. 27 At ang
tagapamahala, palibhasa'y nagising sa pagkakatulog at nang
makitang bukas ang mga pinto ng bilangguan, ay binunot ang
kaniyang tabak at magpapakamatay sana, sa pagaakalang
nangakatakas na ang mga bilanggo. 28 Datapuwa't sumigaw
si Pablo ng malakas na tinig, na sinasabi, Huwag mong
saktan ang iyong sarili: sapagka't nangaririto kaming lahat.
29 At siya'y humingi ng mga ilaw at tumakbo sa loob, at,
nanginginig sa takot, ay nagpatirapa sa harapan ni Pablo at
ni Silas, 30 At sila'y inilabas at sinabi, Mga ginoo, ano ang
kinakailangan kong gawin upang maligtas? 31 At kanilang
sinabi, Manampalataya ka sa Panginoong Jesus, at maliligtas
ka, ikaw at ang iyong sangbahayan. 32 At sa kaniya'y sinalita
nila ang salita ng Panginoon, pati sa lahat ng nangasa
kaniyang bahay. 33 At sila'y kaniyang kinuha nang oras
ding yaon ng gabi, at hinugasan ang kanilang mga latay; at
pagdaka'y binautismuhan, siya at ang buong sangbahayan
niya. 34 At sila'y kaniyang ipinanhik sa kaniyang bahay,
at hinainan sila ng pagkain, at nagalak na totoo, pati ng
buong sangbahayan niya, na nagsisampalataya sa Dios. 35
Datapuwa't nang umaga na, ang mga hukom ay nangagsugo
ng mga sarhento, na nagsasabi, Pawalan mo ang mga taong
iyan. 36 At iniulat ng tagapamahala kay Pablo ang mga
salitang ito, na sinasabi, Ipinagutos ng mga hukom na kayo'y
pawalan: ngayon nga'y magsilabas kayo, at magsiyaon
kayong payapa. 37 Datapuwa't sinabi sa kanila ni Pablo,
Pinalo nila kami sa hayag, na hindi nangahatulan, bagama't
mga lalaking Romano, at kami'y ibinilanggo; at ngayo'y
lihim na kami'y pinawawalan nila? tunay na hindi nga; kundi
sila rin ang magsiparito at kami'y pawalan. 38 At iniulat ng
mga sarhento ang mga salitang ito sa mga hukom: at sila'y
nangatakot nang kanilang marinig na sila'y mga Romano; 39
At sila'y nagsiparoon at pinamanhikan sila; at nang kanilang
mailabas na sila, ay hiniling nila sa kanila na magsilabas sa
bayan. 40 At sila'y nagsilabas sa bilangguan, at nagsipasok
sa bahay ni Lidia: at nang makita nila ang mga kapatid, ay
kanilang inaliw sila, at nagsialis.

**17** Pagkatahak nga nila sa Amfipolis at sa Apolonia,
ay nagsirating sila sa Tesalonica, na kinaroroonan
ng isang sinagoga ng mga Judio. 2 At si Pablo, ayon sa
ugali niya ay pumasok sa kanila, at sa tatlong sabbath ay
nangatuwiran sa kanila sa mga kasulatan, 3 Na binubuksan
at pinatunayan na kinakailangang si Cristo ay maghirap, at
muling mabuhay sa mga patay; at itong si Jesus, aniya,
na aking ipinangangaral sa inyo, ay siyang Cristo. 4 At
nangahikayat ang ilan sa kanila, at nakikampi kay Pablo
at kay Silas; at gayon din ang lubhang maraming mga
Griegong masisipag sa kabanalan, at hindi kakaunting
mga babaing mararangal. 5 Datapuwa't ang mga Judio,
palibhasa'y nangaudyokan ng inggit, ay nangagsama ng
ilang masasamang tao sa pamilihan, at pagkatipon ng isang
karamihan, ay ginulo ang bayan; at pagkalusob sa bahay ni
Jason, ay pinagsikapan nilang sila'y iharap sa mga tao. 6 At
nang hindi sila mangasumpungan, ay kanilang kinaladkad
si Jason at ang ilang kapatid sa harap ng mga punong
bayan, na ipinagsisigawan, Itong mga nagsisipagtiwarik ng
sanglibutan, ay nagsiparito rin naman; 7 Na tinanggap sila ni
Jason: at ang lahat ng mga ito ay nagsisigawa ng laban sa
mga utos ni Cesar, na nagsasabing may ibang hari, si Jesus.
8 At kanilang ginulo ang karamihan at ang mga punong
bayan, nang kanilang marinig ang mga bagay na ito. 9 At
nang matanggap na nila ang pinakaako kay Jason at sa mga
iba, ay kanilang pinawalan sila. 10 At pagdaka'y pinayaon
sa gabi ng mga kapatid si Pablo at si Silas sa Berea: na
nang dumating sila doon ay nagsipasok sa sinagoga ng mga
Judio. 11 Ngayon lalong naging mararangal ang mga ito

kay sa mga taga Tesalonica, sapagka't tinanggap nila ang
salita ng buong pagsisikap, at sinisiyasat sa araw-araw ang
mga kasulatan, kung tunay nga ang mga bagay na ito. **12**
Kaya nga marami sa kanila ang mga nagsisampalataya;
gayon din sa mga babaing Griega na may mga kalagayang
mahal, at sa mga lalake, ay hindi kakaunti. **13** Datapuwa't
nang maunawa ng mga Judiong taga Tesalonica na sa
Berea ay ipinangangaral din ni Pablo ang salita ng Dios, ay
nagsiparoon din naman, na ginulo at binagabag ang mga
karamihan. **14** At nang magkagayo'y pagdaka'y pinayaon ng
mga kapatid si Pablo na pumaroon hanggang sa dagat: at
nangatira pa roon si Silas at si Timoteo. **15** Datapuwa't silang
mga nagsipaghatid kay Pablo ay dinala siya hanggang sa
Atenas: at nang matanggap na nila ang pautos kay Silas
at kay Timoteo na madalingmadali silang magsiparoon sa
kaniya, ay nagsialis sila. **16** Samantala ngang sila'y hinihintay
ni Pablo sa Atenas, ay namuhi ang kaniyang espiritu sa loob
niya sa pagkamasid niya sa bayan na puno ng diosdiosan.
**17** Kaya't sa sinagoga'y nakipagmatuwiran siya sa mga Judio
at sa mga taong masisipag sa kabanalan, at sa araw-araw sa
pamilihan sa mga nakikipagkita sa kaniya. **18** At ilan naman
sa mga pilosopong Epicureo at Estoico ay nakipagtalo sa
kaniya. At sinabi ng ilan, Anong ibig sabihin ng masalitang
ito? binagabag ang mga iba, Parang siya'y tagapagbalita ng
mga ibang dios: sapagka't ipinangangaral niya si Jesus at
ang pagkabuhay na maguli. **19** At siya'y tinangnan nila, at
dinala siya sa Areopago, na sinasabi, Mangyayari bagang
maalaman namin kung ano itong bagong aral, na sinasalita
mo? **20** Sapagka't naghahatid ka ng mga kakaibang bagay
sa aming mga tainga: ibig nga naming maalaman kung ano
ang kahulugan ng mga bagay na ito. **21** (Lahat nga ng mga
Ateniense at ang mga taga ibang bayang nakikipamayan
doon ay walang ibang ginagawa, kundi ang magsipagsaysay
o mangakinig ng anomang bagay na bago.) **22** At tumindig si
Pablo sa gitna ng Areopago, at sinabi, Kayong mga lalaking
taga Atenas, sa lahat ng mga bagay ay napapansin kong
kayo'y lubhang relihioso. **23** Sapagka't sa aking pagdaraan,
at sa pagmamasid ng mga bagay na inyong sinasamba, ay
nakasumpong din naman ako ng isang dambana na may
sulat na ganito, SA ISANG DIOS NA HINDI KILALA. Yaon
ngang inyong sinasamba sa hindi pagkakilala, siya ang sa
inyo'y ibinabalita ko. **24** Ang Dios na gumawa ng sanglibutan
at ng lahat ng mga bagay na naririto, siya, palibhasa'y
Panginoon ng langit at ng lupa, ay hindi tumatahan sa mga
templong ginawa ng mga kamay; **25** Ni hindi rin naman
pinaglilingkuran siya ng mga kamay ng mga tao, na para
bagang siya'y nangangailangan ng anomang bagay, yamang
siya rin ang nagbibigay sa lahat ng buhay, at ng hininga,
at ng lahat ng mga bagay; **26** At ginawa niya sa isa ang
bawa't bansa ng mga tao upang magsipanahan sa balat
ng buong lupa, na itinakda ang kanilang talagang ayos
ng mga kapanahunan at ang mga hangganan ng kanilang
tahanan; **27** Upang kanilang hanapin ang Dios baka sakaling
maapuhap nila siya at siya'y masumpungan, bagaman hindi
siya malayo sa bawa't isa sa atin: **28** Sapagka't sa kaniya
tayo'y nangabubuhay, at nagsisikilos, at mayroon tayong
pagkatao: na gaya naman ng sinabi ng ilan sa inyong sariling
mga manunula, Sapagka't tayo nama'y sa kaniyang lahi. **29**
Yamang tayo nga'y lahi ng Dios, ay hindi marapat nating
isipin na ang pagka Dios ay katulad ng ginto, o ng pilak,
o ng bato, na inukit ng kabihasnan at katalinuhan ng tao.
**30** Ang mga panahon ng kahangalan ay pinalipas na nga
ng Dios; datapuwa't ngayo'y ipinaguutos niya sa mga tao
na mangagsisi silang lahat sa lahat ng dako: **31** Sapagka't
siya'y nagtakda ng isang araw na kaniyang ipaghuhukom sa
sanglibutan ayon sa katuwiran sa pamamagitan ng lalaking
kaniyang itinalaga; na ito'y pinatunayan niya sa lahat ng
mga tao, nang siya'y buhayin niyang maguli sa mga patay.
**32** At nang kanilang marinig ang tungkol sa pagkabuhay na
maguli, ay nanglibak ang ilan; datapuwa't sinabi ng mga
iba, Pakikinggan ka naming muli tungkol dito. **33** Sa gayo'y
umalis si Pablo sa gitna nila. **34** Datapuwa't nakisama sa
kanya ang ilang mga tao, at nagsisampalataya: na sa mga
yao'y isa si Dionisio na Areopagita, at ang isang babaing
nagngangalang Damaris, at mga iba pang kasama nila.

**18** Pagkatapos ng mga bagay na ito'y umalis siya sa
Atenas, at napasa Corinto. **2** At nasumpungan niya
ang isang Judio na nagngangalang Aquila, isang lalaking
tubo sa Ponto, na hindi pa nalalaong nanggagaling sa Italia,
kasama ni Priscila na kaniyang asawa, sapagka't ipinagutos
ni Claudio na ang lahat ng mga Judio ay magsialis sa Roma:
at siya'y lumapit sa kanila; **3** At sapagka't ang hanap-buhay
niya'y gaya rin ng kanila, ay nakipanuluyan siya sa kanila, at
sila'y nagsigawa: sapagka't ang hanap-buhay nila'y gumawa
ng mga tolda. **4** At siya'y nangangatuwiran tuwing sabbath sa
sinagoga, at hinihikayat ang mga Judio at ang mga Griego.
**5** Datapuwa't nang si Silas at si Timoteo ay magsilusong
mula sa Macedonia, si Pablo ay napilitan sa pamamagitan
ng salita, na sinasaksihan sa mga Judio na si Jesus ang
siyang Cristo. **6** At nang sila'y magsitutol at magsipamusong,
ay ipinagpag niya ang kaniyang kasuotan at sa kanila'y
sinabi, Ang inyong dugo'y sumainyong sariling mga ulo:
ako'y malinis: buhat ngayo'y paparoon ako sa mga Gentil.
**7** At siya'y umalis doon, at pumasok sa bahay ng isang
lalaking nagngangalang Tito Justo, na isang sumasamba
sa Dios, na ang bahay niya'y karugtong ng sinagoga. **8** At
si Crispo, ang pinuno sa sinagoga, ay nanampalataya sa
Panginoon, pati ng buong sangbahayan niya; at marami

sa mga taga Corinto na sa pakikinig ay nagsisampalataya,
at pawang nangabautismuhan. 9 At sinabi ng Panginoon
kay Pablo nang gabi sa pangitain, Huwag kang matakot,
kundi magsalita ka, at huwag kang tumahimik: 10 Sapagka't
ako'y sumasaiyo, at sinoma'y hindi ka madadaluhong upang
saktan ka: sapagka't makapal ang mga tao ko sa bayang ito.
11 At siya'y tumahan doong isang taon at anim na buwan,
na itinuturo sa kanila ang salita ng Dios. 12 Datapuwa't
nang si Galion ay proconsul ng Acaya ang mga Judio ay
nangagkaisang nangagsitindig laban kay Pablo at siya'y
dinala sa harapan ng hukuman, 13 Na nagsasabi, Hinihikayat
ng taong ito ang mga tao upang magsisamba sa Dios laban
sa kautusan. 14 Datapuwa't nang bubukhin na ni Pablo ang
kaniyang bibig, ay sinabi ni Galion sa mga Judio, Kung ito'y
tunay na masamang gawa o mabigat na kasalanan, Oh mga
Judio, may matuwid na tiisin ko kayo: 15 Datapuwa't kung
mga pagtatalo tungkol sa mga salita at mga pangalan at sa
inyong sariling kautusan, kayo sa inyong sarili na ang bahala
noon; ayaw kong maging hukom sa mga bagay na ito. 16 At
sila'y pinalayas niya sa hukuman. 17 At hinawakan nilang
lahat si Sostenes, na pinuno sa sinagoga, at siya'y hinampas
sa harapan ng hukuman. At hindi man lamang pinansin ni
Galion ang mga bagay na ito. 18 At si Pablo, pagkatapos
na makatira na roong maraming araw, ay nagpaalam sa
mga kapatid, at buhat doo'y lumayag na patungo sa Siria,
at kasama niya si Priscila at si Aquila: na inahit niya ang
kaniyang buhok sa Cencrea; sapagka't siya'y may panata.
19 At sila'y nagsidating sa Efeso, at sila'y iniwan niya doon:
datapuwa't pumasok siya sa sinagoga, at nangatuwiran sa
mga Judio. 20 At nang siya'y pamanhikan nila na tumigil pa
roon ng ilang panahon, ay hindi siya pumayag; 21 Kundi
nang siya'y nagpaalam sa kanila, at nagsabi, Babalik uli ako
sa inyo kung loobin ng Dios, siya'y naglayag buhat sa Efeso.
22 At nang makalunsad na siya sa Cesarea, ay siya'y umahon
at bumati sa iglesia, at lumusong sa Antioquia. 23 At nang
makagugol na siya roon ng ilang panahon, ay umalis siya, at
tinahak ang lupain ng Galacia, at Frigia, na sunodsunod,
na pinagtitibay ang lahat ng mga alagad. 24 Ngayon ang
isang Judio na nagngangalang Apolos, na isang Alejandrino
sa lahi, at taong marikit mangusap, ay dumating sa Efeso;
at siya'y makapangyarihan ukol sa mga kasulatan. 25 Ang
taong ito'y tinuruan sa daan ng Panginoon; at palibhasa'y
may maningas na espiritu, ay kaniyang sinalita at itinurong
maingat ang mga bagay na tungkol kay Jesus, na ang
naalaman lamang ay ang bautismo ni Juan: 26 At siya'y
nagpasimulang magsalita ng buong tapang sa sinagoga.
Datapuwa't nang siya'y marinig ni Priscila at ni Aquila, ay
kanilang isinama siya, at isinaysay sa kaniya ang daan ng
Panginoon ng lalong maingat. 27 At nang ibig niyang lumipat
sa Acaya, ay pinalakas ng mga kapatid ang kaniyang loob at
sila'y nagsisulat sa mga alagad na siya'y tanggapin: at nang
siya'y dumating doon, ay lubos na tumulong siya sa mga
nagsisampalataya sa pamamagitan ng biyaya; 28 Sapagka't
may kapangyarihang dinaig niya ang mga Judio, at hayag,
na ipinakilala sa pamamagitan ng mga kasulatan na si Jesus
ay ang Cristo.

**19** At nangyari, na, samantalang si Apolos ay nasa
Corinto, pagkatahak ni Pablo ng mga lupaing matataas
ay napasa Efeso, at nakasumpong ng ilang mga alagad:
2 At sa kanila'y sinabi niya, Tinanggap baga ninyo ang
Espiritu Santo nang kayo'y magsisampalataya? At sinabi
nila sa kaniya, Hindi, hindi man lamang namin narinig na
may ibinigay na Espiritu Santo. 3 At sinabi niya, Kung
gayo'y sa ano kayo binautismuhan? At sinabi nila, Sa
bautismo ni Juan. 4 At sinabi ni Pablo, Nagbabautismo si
Juan ng bautismo ng pagsisisi, na sinasabi sa bayan na
sila'y magsisampalataya sa darating sa hulihan niya, sa
makatuwid baga'y kay Jesus. 5 At nang kanilang marinig ito,
ay nangapabautismo sila sa pangalan ng Panginoong Jesus.
6 At nang maipatong na ni Pablo sa kanila ang kaniyang
mga kamay, ay bumaba sa kanila ang Espiritu Santo; at
sila'y nagsipagsalita ng mga wika, at nagsipanghula. 7
At silang lahat ay may labingdalawang lalake. 8 At siya'y
pumasok sa sinagoga, at nagsalitang may katapangan sa
loob ng tatlong buwan, na nangangatuwiran at nanghihikayat
tungkol sa mga bagay na nauukol sa kaharian ng Dios.
9 Datapuwa't nang magsipagmatigas ang ilan at ayaw
magsipaniwala, na pinagsasalitaan ng masama ang Daan
sa harapan ng karamihan, ay umalis siya sa kanila, at
inihiwalay ang mga alagad, na nangangatuwiran araw-araw
sa paaralan ni Tiranno. 10 At ito'y tumagal sa loob ng
dalawang taon; ano pa't ang lahat ng mga nagsisitahan
sa Asia ay nangakarinig ng salita ng Panginoon, ang mga
Judio at gayon din ang mga Griego. 11 At gumawa ang Dios
ng mga tanging himala sa pamamagitan ng mga kamay ni
Pablo: 12 Ano pa't ang mga panyo o mga tapi na mapadaiti
sa kaniyang katawan ay dinadala sa mga may-sakit, at
nawawala sa kanila ang mga sakit, at nangagsisilabas
ang masasamang espiritu. 13 Datapuwa't ilan sa mga
Judiong pagalagala na nagsisipagpalayas ng masasamang
espiritu, ay nagsipangahas na sambitlain ang pangalan ng
Panginoong Jesus sa mga may masasamang espiritu, na
nagsisipagsabi, Ipinamamanhik ko sa inyo sa pamamagitan
ni Jesus na siyang ipinangangaral ni Pablo. 14 At may
pitong anak na lalake ang isang Esceva na Judio, isang
pangulong saserdote, na nagsisigawa nito. 15 At sumagot
ang masamang espiritu at sa kanila'y sinabi, Nakikilala ko si
Jesus, at nakikilala ko si Pablo; datapuwa't sino-sino kayo?

16 At ang taong kinaroroonan ng masamang espiritu ay
lumukso sa kanila, at sila'y kaniyang natalo, at nadaig sila,
ano pa't nagsitakas sila sa bahay na yaon na mga hubo't
hubad at mga sugatan. 17 At nahayag ito sa lahat, sa mga
Judio at gayon din sa mga Griego, na nangananahanan sa
Efeso; at sinidlan silang lahat ng takot, at pinadakila ang
pangalan ng Panginoong Jesus. 18 Marami rin naman sa
mga nagsisampalataya na ang nagsidating, na ipinahahayag
at isinasaysay ang kanilang mga gawain. 19 At hindi kakaunti
sa mga nagsisigamit ng mga kabihasnang magica ay
nagsipagtipon ng kanilang mga aklat, at pinagsusunog sa
paningin ng lahat; at kanilang binilang ang halaga niyaon, at
nasumpungang may limampung libong putol na pilak. 20 Sa
gayo'y lumagong totoo ang salita ng Panginoon at nanaig.
21 Pagkatapos nga ng mga bagay na ito, ay ipinasiya ni
Pablo sa espiritu, nang matahak na niya ang Macedonia
at ang Acaya, na pumaroon sa Jerusalem, na sinasabi,
Pagkapanggaling ko roon, ay kinakailangang makita ko
naman ang Roma. 22 At nang maisugo na niya sa Macedonia
ang dalawa sa nagsisipaglingkod sa kaniya, na si Timoteo at
si Erasto, siya rin ay natirang ilang panahon sa Asia. 23 At
halos nang panahong yao'y may nangyaring hindi mumunting
kaguluhan tungkol sa Daan. 24 Sapagka't may isang taong
nagngangalang Demetrio, pandaypilak, na gumagawa ng
maliliit na dambanang pilak ni Diana, ay nagbibigay ng
hindi kakaunting hanap-buhay sa mga panday; 25 Na sila'y
kaniyang tinipon pati ng mga manggagawa ng mga gayong
gawa, at sinabi, Mga Ginoo, talastas ninyo na nagsisiyaman
tayo sa hanap-buhay na ito. 26 At inyong nakikita at naririnig,
na hindi lamang sa Efeso, kundi halos sa buong Asia, ay
nakaakit ang Pablong ito at naghiwalay ng maraming mga
tao, na sinasabing hindi raw mga dios, ang mga ginagawa ng
mga kamay: 27 At hindi lamang may panganib na mawalang
kapurihan ang hanapbuhay nating ito; kundi naman ang
templo ng dakilang diosa Diana ay mawawalan ng halaga, at
hanggang sa malugso ang kadakilaan niya na sinasamba ng
buong Asia at ng sanglibutan. 28 At nang marinig nila ito'y
nangapuno sila ng galit, at nangagsigawan, na nagsipagsabi,
Dakila ang Diana ng mga taga Efeso. 29 At napuno ng
kaguluhan ang bayan: at pinagkaisahan nilang lusubin ang
dulaan, na sinunggaban si Gayo at si Aristarco, mga lalaking
taga Macedonia, na kasama ni Pablo sa paglalakbay. 30 At
nang inakala ni Pablo na pasukin ang mga tao, ay hindi
siya tinulutan ng mga alagad. 31 At ang ilan din naman sa
mga puno sa Asia, palibhasa'y kaniyang mga kaibigan, ay
nangagpasugo sa kaniya at siya'y pinakiusapang huwag
siyang pumaroon sa dulaan. 32 At ang iba nga'y sumisigaw
ng isang bagay, at ang iba'y iba naman: sapagka't ang
pulong ay nasa kaguluhan; at hindi maalaman ng karamihan
kung bakit sila'y nangagkatipon. 33 At kanilang inilabas si
Alejandro sa karamihan, na siya'y itinutulak ng mga Judio sa
dakong harap. At inihudyat ang kamay ni Alejandro, at ibig
sanang magsanggalang sa harapan ng bayan. 34 Datapuwa't
nang matalastas nilang siya'y Judio, ay nangagkaisang
lahat na mangagsigawan sa loob halos ng dalawang oras,
Dakila ang Diana ng mga Efeso. 35 At nang mapatahimik
na ng kalihim-bayan ang karamihan, ay kaniyang sinabi,
Kayong mga lalaking taga Efeso, sino sa mga tao ang hindi
nakakaalam na ang bayan ng mga Efeso ay tagapagingat ng
templo ng dakilang Diana, at ng larawang nahulog mula kay
Jupiter? 36 Yamang hindi nga maikakaila ang mga bagay na
ito, ay dapat kayong magsitahimik, at huwag magsigawa ng
anomang bagay sa madalian. 37 Sapagka't dinala ninyo rito
ang mga taong ito, na hindi mga mangloloob sa templo,
ni mga mamumusong man sa ating diosa. 38 Kung si
Demetrio nga, at ang mga panday na kasama niya, ay
mayroong anomang sakdal laban sa kanino man, ay bukas
ang mga hukuman, at may mga proconsul: bayaan ninyong
mangagsakdal ang isa't isa. 39 Datapuwa't kung may inuusig
kayo sa ano pa mang ibang mga bagay, ay mahahatulan sa
karaniwang kapulungan. 40 Sapagka't totoong nanganganib
tayo na mangasakdal tungkol sa pagkakagulo sa araw na
ito, palibhasa'y walang anomang kadahilanan: at tungkol dito
ay hindi tayo makapagbibigay sulit tungkol sa pagkakatipong
ito. 41 At nang siya'y makapagsalitang gayon, ay pinaalis
niya ang kapulungan.

**20** At pagkatapos na mapatigil ang kaguluhan, nang
maipatawag na ni Pablo ang mga alagad at sila'y
mapangaralan, ay nagpaalam sa kanila, at umalis upang
pumaroon sa Macedonia. 2 At nang matahak na niya ang
mga dakong yaon, at maaralan na sila ng marami, siya'y
napasa Grecia. 3 At nang siya'y makapaggugol na ng tatlong
buwan doon, at mapabakayan siya ng mga Judio nang
siya'y lalayag na sa Siria, ay pinasiyahan niyang bumalik na
magdaan sa Macedonia. 4 At siya'y sinamahan hanggang
sa Asia, ni Sopatro na taga Berea, na anak ni Pirro; at ng
mga taga Tesalonicang si Aristarco at si Segundo; at ni
Gayo na taga Derbe, at ni Timoteo; at ng mga taga Asiang
si Tiquico at si Trofimo. 5 Datapuwa't nangauna ang mga ito,
at hinintay kami sa Troas. 6 At kami'y nagsilayag mula sa
Filipos pagkaraan ng mga kaarawan ng mga tinapay na
walang lebadura, at nagsidating kami sa kanila sa Troas
sa loob ng limang araw; na doo'y nagsitira kaming pitong
araw. 7 At nang unang araw ng sanglinggo, nang kami'y
nangagkakapisan upang pagputolputulin ang tinapay, si
Pablo ay nangaral sa kanila, na nagaakalang umalis sa
kinabukasan; at tumagal ang kaniyang pananalita hanggang
sa hatinggabi. 8 At may maraming mga ilaw sa silid sa itaas

na pangkatipunan namin. 9 At may nakaupo sa durungawan
na isang binatang nagngangalang Eutico, na mahimbing
sa pagtulog; at samantalang si Pablo ay nangangaral ng
mahaba, palibhasa'y natutulog ay nahulog buhat sa ikatlong
grado, at siya'y binuhat na patay. 10 At nanaog si Pablo, at
dumapa sa ibabaw niya, at siya'y niyakap na sinabi, Huwag
kayong magkagulo; sapagka't nasa kaniya ang kaniyang
buhay. 11 At nang siya'y makapanhik na, at mapagputolputol
na ang tinapay, at makakain na, at makapagsalita sa kanila
ng mahaba, hanggang sa sumikat ang araw, kaya't siya'y
umalis. 12 At kanilang dinalang buhay ang binata, at hindi
kakaunti ang kanilang pagkaaliw. 13 Datapuwa't kami, na
nangauna sa daong, ay nagsilayag na patungong Ason, na
doon namin inaakalang ilulan si Pablo: sapagka't gayon ang
kaniyang ipinasiya, na ninanasa niyang maglakad. 14 At
nang salubungin niya kami sa Ason, siya'y inilulan namin, at
nagsiparoon kami sa Mitilene. 15 At pagtulak namin doon,
ay sumapit kami nang sumunod na araw sa tapat ng Chio;
at nang kinabukasan ay nagsidaong kami sa Samo; at nang
kinabukasan ay nagsirating kami sa Mileto. 16 Sapagka't
ipinasiya ni Pablo na lampasan ang Efeso, upang huwag
na siyang maggugol ng panahon sa Asia; sapagka't siya'y
nagmamadali upang kung maaari ay dumating sa Jerusalem
sa araw ng Pentecostes. 17 At mula sa Mileto ay nagpasugo
siya sa Efeso, at ipinatawag ang mga matanda sa iglesia.
18 At nang sila'y magsidating sa kaniya, ay sinabi niya sa
kanila, Nalalaman ninyo, na mula nang unang araw na ako'y
tumungtong sa Asia, kung paano ang pakikisama ko sa inyo
sa buong panahon, 19 Na ako'y naglilingkod sa Panginoon
ng buong pagpapakumbaba ng isip, at ng mga luha, at ng
mga pagsubok na dumating sa akin dahil sa mga pagbakay
ng mga Judio; 20 Kung paanong hindi ko ikinait na ipahayag
sa inyo ang anomang bagay na pakikinabangan, at hayag na
itinuro sa inyo, at sa mga bahay-bahay, 21 Na sinasaksihan
ko sa mga Judio at gayon din sa mga Griego ang pagsisisi
sa Dios, at ang pananampalataya sa ating Panginoong
Jesucristo. 22 At ngayon, narito, ako na natatali sa espiritu
ay pasasa Jerusalem, na hindi nalalaman ang mga bagay na
mangyayari sa akin doon: 23 Maliban na pinatotohanan sa
akin ng Espiritu Santo sa bawa't bayan, na sinasabing ang
mga tanikala at ang mga kapighatian ay nagsisipagantay sa
akin. 24 Datapuwa't hindi ko minamahal ang aking buhay
na waring sa akin ay mahalaga, maganap ko lamang ang
aking katungkulan, at ang ministeriong tinanggap ko sa
Panginoong Jesus, na magpatotoo ng evangelio ng biyaya
ng Dios. 25 At ngayon, narito, nalalaman ko na kayong lahat,
na aking nilibot na pinangaralan ng kaharian, ay hindi na
ninyo muling makikita pa ang aking mukha. 26 Kaya nga
pinatotohanan ko sa inyo sa araw na ito, na ako'y malinis sa
dugo ng lahat ng mga tao. 27 Sapagka't hindi ko ikinait ang
pagsasaysay sa inyo ng buong kapasiyahan ng Dios. 28
Ingatan ninyo ang inyong sarili, at ang buong kawan, na
sa kanila'y ginawa kayo ng Espiritu Santo na mga obispo,
upang pakanin ninyo ang iglesia ng Panginoon na binili niya
ng kaniyang sariling dugo. 29 Aking talastas na pagalis ko
ay magsisipasok sa inyo ang mga ganid na lobo, na hindi
mangagpapatawad sa kawan; 30 At magsisilitaw sa mga
kasamahan din ninyo ang mga taong mangagsasalita ng mga
bagay na masasama, upang mangagdala ng mga alagad
sa kanilang hulihan. 31 Kaya nga kayo'y mangagpuyat, na
alalahaning sa loob ng tatlong taon ay hindi ako naglikat sa
gabi at araw ng paalaala sa bawa't isa na may pagluha. 32
At ngayo'y ipinagtatagubilin ko kayo sa Dios, at sa salita ng
kaniyang biyaya, na makapagpapatibay, at makapagbibigay
sa inyo ng mana sa kasamahan ng lahat na mga pinapaging
banal. 33 Hindi ko inimbot ang pilak ninoman, o ang ginto, o
ang pananamit. 34 Nalalaman din ninyo na ang mga kamay
na ito ay nangaglilingkod sa mga kinakailangan ko, at sa
aking mga kasamahan. 35 Nagbigay halimbawa ako sa
inyo sa lahat ng mga bagay, na sa ganitong pagpapagal ay
dapat kayong magsisaklolo sa mahihina, at alalahanin ang
mga salita ng Panginoong Jesus, na siya rin ang may sabi,
Lalo pang mapalad ang magbigay kay sa tumanggap. 36 At
nang makapagsalita na siya ng gayon, ay nanikluhod siya
at nanalanging kasama silang lahat. 37 At silang lahat ay
nagsipanangis nang di kawasa, at nangagsiyakap sa leeg ni
Pablo at siya'y hinagkan nila. 38 Na ikinahahapis ng lalo sa
lahat ang salitang sinabi niya, na hindi na nila makikitang
muli pa ang kaniyang mukha. At kanilang inihatid siya sa
kaniyang paglalakbay hanggang sa daong.

**21** At nang mangyaring kami'y mangakahiwalay na sa
kanila at mangaglayag, ay tuloytuloy na pinunta namin
ang Coos, at nang kinabukasa'y ang Rodas, at buhat doo'y
ang Patara: 2 At nang aming masumpungan ang isang daong
na dumaraang patungo sa Fenicia, ay nagsilulan kami, at
nagsipaglayag. 3 At nang matanaw namin ang Chipre, na
maiiwan namin sa dakong kaliwa ay nagsilayag kaming
hanggang sa Siria, at nagsidaong sa Tiro; sapagka't ilulunsad
doon ng daong ang kaniyang lulan. 4 At nang masumpungan
ang mga alagad, ay nangatira kami doong pitong araw:
at sinabi ng mga ito kay Pablo na sa pamamagitan ng
Espiritu, na huwag siyang tutungtong sa Jerusalem. 5 At
nang mangyari na maganap namin ang mga araw na yaon,
ay nagsialis kami at nangagpatuloy sa aming paglalakbay: at
silang lahat, pati ng mga asawa at mga anak, ay humatid sa
amin sa aming paglalakad hanggang sa labas ng bayan: at
sa paninikluhod namin sa baybayin, kami'y nagsipanalangin,
at nangagpaalaman sa isa't isa; 6 At nagsilulan kami sa

daong, datapuwa't sila'y muling nagsiuwi sa bahay. **7** At
nang aming matapos ang paglalayag buhat sa Tiro, ay
nagsidating kami sa Tolemaida; at kami'y nagsibati sa mga
kapatid, at kami'y nagsitahan sa kanilang isang araw. **8**
At nang kinabukasan ay nagsialis kami, at nagsidating sa
Cesarea: at sa pagpasok namin sa bahay ni Felipe na
evangelista, na isa sa pito, ay nagsitahan kaming kasama
niya. **9** Ang tao ngang ito'y may apat na anak na binibini,
na nagsisipanghula. **10** At sa pagtira namin doong ilang
araw, ay dumating na galing sa Judea ang isang propeta, na
nagngangalang Agabo. **11** At paglapit sa amin, at pagkakuha
ng pamigkis ni Pablo, ay ginapos niya ang kaniyang sariling
mga paa't kamay, at sinabi, Ganito ang sabi ng Espiritu
Santo, Ganitong gagapusin ng mga Judio sa Jerusalem ang
lalaking may-ari ng pamigkis na ito, at siya'y kanilang ibibigay
sa mga kamay ng mga Gentil. **12** At nang marinig namin
ang mga bagay na ito, kami at gayon din ang nangaroroon
doon ay nagsipamanhik sa kaniya na huwag ng umahon sa
Jerusalem. **13** Nang magkagayo'y sumagot si Pablo, Anong
ginagawa ninyo, na nagsisitangis at dinudurog ang aking
puso? sapagka't ako'y nahahanda na hindi lamang gapusin,
kundi mamatay rin naman sa Jerusalem dahil sa pangalan
ng Panginoong Jesus. **14** At nang hindi siya pahikayat ay
nagsitigil kami, na nagsisipagsabi, Mangyari ang kalooban
ng Panginoon. **15** At pagkatapos ng mga araw na ito ay
binuhat namin ang aming daladalahan at nagsiahon kami
sa Jerusalem. **16** At nagsisama naman sa aming mula sa
Cesarea ang ilan sa mga alagad, at kanilang isinama ang
isang Mnason, na taga Chipre, isa sa mga kaunaunahang
alagad, na sa kaniya kami magsisipanuluyan. **17** At nang
magsidating kami sa Jerusalem, ay tinanggap kami ng mga
kapatid na may kagalakan. **18** At nang sumunod na araw
ay pumaroon si Pablo na kasama kami kay Santiago; at
ang lahat ng mga matanda ay nangaroroon. **19** At nang
sila'y mangabati na niya, ay isaisang isinaysay niya sa
kanila ang mga bagay na ginawa ng Dios sa mga Gentil
sa pamamagitan ng kaniyang ministerio. **20** At sila, nang
kanilang marinig yaon, ay niluwalhati ang Dios; at sa kaniya'y
sinabi nila, Nakikita mo na, kapatid, kung ilang libo-libo ang
mga Judio na nagsisisampalataya; at silang lahat ay pawang
masisikap sa kautusan. **21** At nabalitaan nila tungkol sa iyo,
na itinuturo mo sa lahat ng mga Judio na nangasa mga
Gentil na magsihiwalay kay Moises, na sinasabi mo sa kanila
na huwag tuliin ang kanilang mga anak ni mangagsilakad
ng ayon sa mga kaugalian. **22** Ano nga baga ito? tunay
na kanilang mababalitaang dumating ka. **23** Gawin mo
nga itong sinasabi namin sa iyo: Mayroon kaming apat
katao na may panata sa kanilang sarili; **24** Isama mo sila,
maglinis kang kasama nila, at pagbayaran mo ang kanilang
magugugol, upang sila'y mangagpaahit ng kanilang mga
ulo: at maalaman ng lahat na walang katotohanan ang mga
bagay na kanilang nabalitaan tungkol sa iyo; kundi ikaw rin
naman ay lumalakad ng maayos na tumutupad ng kautusan.
**25** Nguni't tungkol sa mga Gentil na nagsisisampalataya, ay
sinulatan namin, na pinagpayuhang sila'y magsiilag sa mga
inihain sa mga diosdiosan, at sa dugo, at sa binigti, at sa
pakikiapid. **26** Nang magkagayo'y isinama ni Pablo ang mga
tao, at nang sumunod na araw nang makapaglinis na siyang
kasama nila ay pumasok sa templo, na isinasaysay ang
katuparan ng mga araw ng paglilinis, hanggang sa ihain ang
haing patungkol sa bawa't isa sa kanila. **27** At nang halos
tapos na ang pitong araw, ang mga Judiong taga Asia, nang
siya'y makita nila sa templo, ay kanilang ginulo ang buong
karamihan at siya'y kanilang dinakip, **28** Na nangagsisigawan,
Mga lalaking taga Israel, magsitulong kayo: Ito ang tao na
nagtuturo sa mga tao sa lahat ng dako laban sa bayan, at
sa kautusan, at sa dakong ito; at bukod pa sa rito'y nagdala
rin siya ng mga Griego sa templo, at dinungisan itong
dakong banal. **29** Sapagka't nakita muna nila na kasama
niya sa bayan si Trofimo taga Efeso, na sinapantaha nilang
ipinasok ni Pablo sa templo. **30** At ang buong bayan ay
napakilos, at ang mga tao'y samasamang nagsipanakbuhan;
at kanilang sinunggaban si Pablo, at siya'y kinaladkad na
inilabas sa templo: at pagdaka'y inilapat ang mga pinto.
**31** At samantalang pinagpipilitan nilang siya'y patayin, ay
dumating ang balita sa pangulong kapitan ng pulutong, na
ang buong Jerusalem ay nasa kaguluhan. **32** At pagdaka'y
kumuha siya ng mga kawal at mga senturion, at sumagasa
sa kanila: at sila, nang kanilang makita ang pangulong
kapitan at ang mga kawal ay nagsitigil ng paghampas kay
Pablo. **33** Nang magkagayo'y lumapit ang pangulong kapitan,
at tinangnan siya, at siya'y ipinagapos ng dalawang tanikala;
at itinanong kung sino siya, at kung ano ang ginawa niya. **34**
At iba'y sumisigaw ng isang bagay, ang iba'y iba naman,
sa gitna ng karamihan: at nang hindi niya maunawa ang
katotohanan dahil sa kaguluhan, ay ipinadala siya sa kuta.
**35** At nang siya'y dumating sa hagdanan ay nangyari na
siya'y binuhat ng mga kawal dahil sa pagagaw ng karamihan;
**36** Sapagka't siya'y sinusundan ng karamihan ng mga tao,
na nangagsisigawan, Alisin siya. **37** At nang ipapasok na si
Pablo sa kuta, ay kaniyang sinabi sa pangulong kapitan,
Mangyayari bagang magsabi ako sa iyo ng anoman? At
sinabi niya, Marunong ka baga ng Griego? **38** Hindi nga
baga ikaw yaong Egipcio, na nang mga nakaraang araw ay
nanghihikayat sa kaguluhan at nagdala sa ilang ng apat
na libong katao na mga Mamamatay-tao? **39** Datapuwa't
sinabi ni Pablo, Ako'y Judio, na taga Tarso sa Cilicia, isang
mamamayan ng bayang hindi kakaunti ang kahalagahan:

at ipinamamanhik ko sa iyo, na ipahintulot mo sa aking
magsalita sa bayan. **40** At nang siya'y mapahintulutan na
niya, si Pablo, na nakatayo sa hagdanan, inihudyat ang
kamay sa bayan; at nang tumahimik nang totoo, siya'y
nagsalita sa kanila sa wikang Hebreo, na sinasabi,

**22** Mga kapatid na lalake at mga magulang, pakinggan
ninyo ang pagsasanggalang na gagawin ko ngayon sa
harapan ninyo. **2** At nang marinig nilang sila'y kinakausap
niya sa wikang Hebreo, ay lalo pang tumahimik sila: at
sinabi niya, **3** Ako'y Judio, na ipinanganak sa Tarso ng
Cilicia, datapuwa't pinapagaral sa bayang ito, sa paanan ni
Gamaliel, na tinuruan alinsunod sa mahigpit na kaparaanan
ng kautusan ng ating mga magulang, palibhasa'y masikap
tungkol sa Dios, na gaya ninyong lahat ngayon: **4** At
aking pinagusig ang Daang ito hanggang sa mamatay,
na tinatalian at ipinapasok sa mga bilangguan ang mga
lalake at gayon din ang mga babae. **5** Gaya rin naman ng
pangulong saserdote na nagpapatotoo sa akin, at ang buong
kapulungan ng matatanda: na sa kanila nama'y tumanggap
ako ng mga sulat sa mga kapatid, at naglakbay ako sa
Damasco upang dalhin ko namang mga gapos sa Jerusalem
ang nangaroroon upang parusahan. **6** At nangyari, na,
samantalang ako'y naglalakbay, at nalalapit na sa Damasco,
nang magtatanghaling tapat, biglang nagliwanag mula sa
langit ang isang malaking ilaw sa palibot ko. **7** At ako'y
nasubasob sa lupa, at narinig ko ang isang tinig na nagsasabi
sa akin, Saulo, Saulo, bakit mo ako pinaguusig? **8** At ako'y
sumagot, Sino ka baga, Panginoon? At sinabi niya sa akin,
Ako'y si Jesus na taga Nazaret, na iyong pinaguusig. **9** At
sa katotohana'y nakita ng mga kasamahan ko ang ilaw,
datapuwa't hindi nila narinig ang tinig na nagsalita sa akin.
**10** At sinabi ko, Ano ang gagawin ko, Panginoon? At sinabi
sa akin ng Panginoon, Magtindig ka, at pumaroon ka sa
Damasco; at doo'y sasabihin sa iyo ang lahat ng mga bagay
na itinalagang gagawin mo. **11** At nang hindi ako makakita
dahil sa kaningningan ng ilaw na yaon, palibhasa'y inakay
ako sa kamay ng mga kasamahan ko, ay pumasok ako
sa Damasco. **12** At isang Ananias, lalaking masipag sa
kabanalan ayon sa kautusan, na may mabuting katunayan
ng lahat ng mga Judiong nagsisitahan doon, **13** Ay lumapit
sa akin, at natatayo sa tabi ko ay nagsabi sa akin, Kapatid na
Saulo, tanggapin mo ang iyong paningin. At nang oras ding
yao'y tumingin ako sa kaniya. **14** At sinabi niya, Ang Dios ng
ating mga magulang ay itinalaga ka upang mapagkilala mo
ang kaniyang kalooban, at makita mo ang Banal, at marinig
mo ang isang tinig mula sa kaniyang bibig. **15** Sapagka't
magiging saksi ka niya sa lahat ng mga tao tungkol sa mga
bagay na iyong nakita at narinig. **16** At ngayon bakit ka
tumitigil? magtindig ka, at ikaw ay magbautismo, at hugasan
mo ang iyong mga kasalanan, na tumatawag sa kaniyang
pangalan. **17** At nangyari, na, nang ako'y makabalik na
sa Jerusalem, at nang ako'y nananalangin sa templo ay
nawalan ako ng diwa, **18** At siya'y nakita ko na nagsasabi
sa akin, Magmadali ka, at umalis ka agad sa Jerusalem;
sapagka't hindi nila tatanggapin sa iyo ang patotoo tungkol
sa akin. **19** At aking sinabi, Panginoon, napagtatalastas nila
na ako ang nagbilanggo at humampas sa bawa't sinagoga sa
mga nagsisisampalataya sa iyo: **20** At nang ibubo ang dugo
ni Estebang iyong saksi, ay ako nama'y nakatayo sa malapit,
at sinasangayunan ko, at iningatan ko ang mga damit ng
sa kaniya'y nagsipatay. **21** At sinabi niya sa akin, Yumaon
ka: sapagka't susuguin kita sa malayo sa mga Gentil. **22** At
kanilang pinakinggan siya hanggang sa salitang ito; at sila'y
nangagtaas ng kanilang tinig, at nangagsabi, Alisin sa lupa
ang isang gayong tao: sapagka't hindi marapat na siya'y
mabuhay. **23** At samantalang sila'y nangagsisigawan, at
ipinaghahagisan ang kanilang mga damit, at nangagsasabog
ng alabok sa hangin, **24** Ay ipinagutos ng pangulong kapitan
na siya'y ipasok sa kuta, na ipinaguutos na siya'y sulitin sa
pamamagitan ng hampas, upang maalaman niya kung sa
anong kadahilanan sila'y nangagsigawan ng gayon laban
sa kaniya. **25** At nang siya'y kanilang magapos na ng mga
panaling katad, ay sinabi ni Pablo sa senturiong nakatayo
sa malapit, Matuwid baga sa iyo na hampasin ang isang
taong taga Roma, na hindi pa nahahatulan? **26** At nang ito'y
marinig ng senturion, ay naparoon siya sa pangulong kapitan
at sa kaniya'y ipinagbigay-alam, na sinasabi, Ano baga ang
gagawin mo? sapagka't ang taong ito ay taga Roma. **27** At
lumapit ang pangulong kapitan at sinabi sa kaniya, Sabihin
mo sa akin, ikaw baga'y taga Roma? At sinabi niya, Oo.
**28** At sumagot ang pangulong kapitan, Binili ko ng totoong
mahal ang pagkamamamayang ito. At sinabi ni Pablo,
Nguni't ako'y katutubong taga Roma. **29** Pagkaraka nga'y
nagsilayo sa kaniya ang mga sa kaniya sana'y susulit: at ang
pangulong kapitan din naman ay natakot nang maalamang
siya'y taga Roma, at dahil sa pagkagapos niya sa kaniya. **30**
Datapuwa't nang kinabukasan, sa pagkaibig na matanto
ang katunayan kung bakit siya'y isinakdal ng mga Judio,
ay kaniyang pinawalan siya, at pinapagpulong ang mga
pangulong saserdote at ang buong Sanedrin, at ipinapanaog
si Pablo at iniharap sa kanila.

**23** At si Pablo, na tumititig na mabuti sa Sanedrin, ay
nagsabi, Mga kapatid na lalake, ako'y nabuhay sa
harapan ng Dios sa buong kabutihan ng budhi hanggang sa
mga araw na ito. **2** At ipinagutos ng dakilang saserdoteng
si Ananias sa mga nalalapit sa kaniya na siya'y saktan
sa bibig. **3** Nang magkagayo'y sinabi sa kaniya ni Pablo,
sasaktan ka ng Dios, ikaw na pinaputing pader: at nakaupo

ka baga upang ako'y hatulan mo ayon sa kautusan, at
ako'y sinasaktan mo ng laban sa kautusan? **4** At sinabi ng
nangakatayo sa malapit, Nilalait mo ang dakilang saserdote
ng Dios? **5** At sinabi ni Pablo, Hindi ko nalalaman, mga
kapatid na lalake, na siya'y dakilang saserdote: sapagka't
nasusulat, Huwag kang magsasalita ng masama sa isang
pinuno ng iyong bayan. **6** Datapuwa't nang matalastas
ni Pablo na ang isang bahagi ay mga Saduceo at ang
iba'y mga Fariseo, ay sumigaw siya sa Sanedrin, Mga
kapatid na lalake, ako'y Fariseo, anak ng mga Fariseo: ako'y
sinisiyasat tungkol sa pagasa at pagkabuhay na maguli ng
mga patay. **7** At nang masabi na niya ang gayon, nangyari
ang isang pagtatalo sa mga Fariseo at sa mga Saduceo; at
nagkabahabahagi ang kapulungan. **8** Sapagka't sinasabi
ng mga Saduceo na walang pagkabuhay na maguli, ni
anghel, ni espiritu; datapuwa't kapuwa pinaniniwalaan ng
mga Fariseo. **9** At nagkaroon ng malaking sigawan, at
nagsitindig ang ilan sa mga eskriba na kakampi ng mga
Fariseo, at nakikipagtalo, na nagsipagsabi, Wala kaming
masumpungang anomang kasalanan sa taong ito: at ano
kung siya'y kinausap man ng isang espiritu, o ng isang
anghel? **10** At nang magkaroon ng malaking pagtatalo,
sa takot ng pangulong kapitan na baka pagwaraywarayin
nila si Pablo, ay pinapanaog ang mga kawal at ipinaagaw
siya sa gitna nila, at siya'y ipinasok sa kuta. **11** At nang
sumunod na gabi ay lumapit sa kaniya ang Panginoon, at
sinabi, Laksan mo ang iyong loob: sapagka't kung paano
ang pagkapatotoo mo tungkol sa akin sa Jerusalem, ay
kailangang patotohanan mo rin gayon sa Roma. **12** At
nang araw na, ay nangagkatipon ang mga Judio, at sila'y
nangagpanata sa ilalim ng sumpa, na nagsisipagsabi na
hindi sila kakain ni iinom man hanggang sa kanilang mapatay
si Pablo. **13** At mahigit sa apat na pu ang mga nagsipanumpa
ng ganito. **14** At sila'y nagsiparoon sa mga pangulong
saserdote at sa mga matanda, at nangagsabi, Kami ay
nangagpanata sa ilalim ng mahigpit na sumpa, na hindi
titikim ng anoman hanggang sa mapatay namin si Pablo. **15**
Ngayon nga kayo pati ng Sanedrin ay mangagpahiwatig
sa pangulong kapitan na siya'y ipapanaog niya sa inyo,
na waring ibig ninyong mahatulan ng lalong ganap ang
sakdal tungkol sa kaniya: at kami, bago siya dumating
ay nangahanda upang siya'y patayin. **16** Datapuwa't ang
anak na lalake ng kapatid na babae ni Pablo ay narinig
ang tungkol sa kanilang pagbabakay, at siya'y naparoon at
pumasok sa kuta at isinaysay kay Pablo. **17** At tinawag ni
Pablo ang isa sa mga senturion, at sinabi, Dalhin mo ang
binatang ito sa pangulong kapitan; sapagka't siya'y may
isang bagay na sasabihin sa kaniya. **18** Kaya't siya'y kinuha,
at dinala siya sa pangulong kapitan, at sinabi, Tinawag ako
ng bilanggong si Pablo, at ipinamanhik sa aking dalhin ko sa
iyo ang binatang ito, na may isang bagay na sasabihin sa
iyo. **19** At tinangnan siya ng pangulong kapitan sa kamay, at
pagtabi ay lihim na tinanong siya, Ano yaong sasabihin mo
sa akin? **20** At sinabi niya, Pinagkasunduan ng mga Judio
na sa iyo'y ipamanhik na iyong ipapanaog bukas si Pablo
sa Sanedrin, na waring ikaw ay may sisiyasating lalong
ganap tungkol sa kaniya. **21** Huwag ka ngang palamuyot
sa kanila: sapagka't binabakayan siya ng mahigit na apat
na pung katao sa kanila, na nangagsipagpanata sa ilalim
ng sumpa, na hindi kakain ni iinom man hanggang sa
siya'y kanilang mapatay: at ngayo'y nangahahanda sila,
na nangaghihintay ng pangako mo. **22** Kaya't pinaalis ng
pangulong kapitan ang binata, na ipinagbilin sa kaniya,
Huwag mong sasabihin sa kanino man na ipinahiwatig mo
sa akin ang mga bagay na ito. **23** At kaniyang tinawag
ang dalawa sa mga senturion, at sinabi, Ihanda ninyo ang
dalawang daang kawal upang magsiparoon hanggang sa
Cesarea, at pitong pung kabayuhan, at dalawang daang
sibatan, sa ikatlong oras ng gabi: **24** At pinapaghanda niya
sila ng mga hayop, upang mapagsakyan kay Pablo, at siya'y
maihatid na walang panganib kay Felix na gobernador. **25**
At siya'y sumulat ng isang sulat, na ganito: **26** Si Claudio
Lisias sa kagalanggalang na gobernador Felix, bumabati. **27**
Ang taong ito'y hinuli ng mga Judio, at papatayin na lamang
sana nila, nang dumalo akong may kasamang mga kawal
at siya'y iniligtas ko, nang mapagtantong siya'y isang taga
Roma. **28** At sa pagkaibig kong mapagunawa ang dahilan
kung bakit siya'y kanilang isinakdal, ay ipinanaog ko siya
sa kanilang Sanedrin: **29** Na nasumpungan ko na siya'y
kanilang isinasakdal sa mga suliranin tungkol sa kanilang
kautusan, datapuwa't walang anomang sakdal laban sa
kaniya na marapat sa kamatayan o sa tanikala. **30** At nang
ipakilala sa akin na may banta laban sa taong iyan, ay
ipinadala ko siya agad sa iyo, na aking ipinagbilin din sa mga
sa kaniya'y nangagsasakdal na mangagsalita sa harapan
mo laban sa kaniya. **31** Kaya't ang mga kawal, alinsunod sa
iniutos sa kanila, ay kinuha si Pablo at dinala siya sa gabi sa
Antipatris. **32** Datapuwa't nang kinabukasan ay pinabayaan
nilang samahan siya ng mga kabayuhan, at nangagbalik
sa kuta: **33** At sila, nang sila'y magsidating sa Cesarea at
maibigay ang sulat sa gobernador, ay iniharap din si Pablo
sa harapan niya. **34** At nang mabasa niya ito, ay itinanong
niya kung taga saang lalawigan siya; at nang maalamang
siya'y taga Cilicia, **35** Pakikinggan kitang lubos, ang sabi
niya, pagdating naman ng mga nagsisipagsakdal sa iyo: at
ipinagutos na siya'y ingatan sa palasio ni Herodes.

**24** At pagkaraan ng limang araw ay lumusong ang
pangulong saserdoteng si Ananias na kasama ang

ilang matatanda, at ang isang Tertulo na mananalumpati; at
sila'y nangagbigay-alam sa gobernador laban kay Pablo. **2**
At nang siya'y tawagin, si Tertulo ay nagpasimulang isakdal
siya, na sinasabi, Yamang dahil sa iyo'y nangagtatamo kami
ng malaking kapayapaan, at sa iyong kalinga ay napawi
sa bansang ito ang mga kasamaan, **3** Ay tinatanggap
namin ito sa lahat ng mga paraan at sa lahat ng mga dako,
kagalanggalang na Felix, ng buong pagpapasalamat. **4**
Datapuwa't, nang huwag akong makabagabag pa sa iyo,
ay ipinamamanhik ko sa iyo na pakinggan mo kami sa
iyong kagandahang loob sa ilang mga salita. **5** Sapagka't
nangasumpungan namin ang taong ito'y isang taong
mapangulo at mapagbangon ng mga paghihimagsik sa
gitna ng lahat ng mga Judio sa buong sanglibutan, at
namiminuno sa sekta ng mga Nazareno: **6** Na kaniya rin
namang pinagsisikapang lapastanganin ang templo: na
siya ring dahil ng aming inihuli: **7** Datapuwa't dumating
ang pangulong pinunong si Lysias at sapilitang inagaw
siya sa aming mga kamay. **8** Na mapagtatalastas mo, sa
iyong pagsisiyasat sa kaniya, ang lahat ng mga bagay na
ito na laban sa kaniya'y isinasakdal namin. **9** At nakianib
naman ang mga Judio sa pagsasakdal, na pinatutunayan
na ang mga bagay na ito'y gayon nga. **10** At nang siya'y
mahudyatan ng gobernador upang magsalita, si Pablo ay
sumagot, Yamang nalalaman ko na ikaw ay hukom sa
loob ng maraming mga taon sa bansang ito, ay masiglang
gagawin ko ang aking pagsasanggalang: **11** Sapagka't
napagtatalastas mo na wala pang labingdalawang araw
buhat nang ako'y umahon sa Jerusalem upang sumamba: **12**
At ni hindi nila ako nasumpungan sa templo na nakikipagtalo
sa kanino man o kaya'y nanggugulo sa karamihan, ni sa
mga sinagoga, ni sa bayan. **13** Ni hindi rin mapatutunayan
nila sa iyo ang mga bagay na ngayo'y kanilang isinasakdal
laban sa akin. **14** Nguni't ito ang ipinahahayag ko sa iyo, na
ayon sa Daan na kanilang tinatawag na sekta, ay gayon
ang paglilingkod ko sa Dios ng aming mga magulang, na
sinasampalatayanan ang lahat ng mga bagay na alinsunod
sa kautusan, at nangasusulat sa mga propeta; **15** Na may
pagasa sa Dios, na siya rin namang hinihintay nila, na
magkakaroon ng pagkabuhay na maguli ng mga ganap at
gayon din ng mga di ganap. **16** Na dahil nga rito'y lagi rin
akong nagsasanay upang magkaroon ng isang budhing
walang kapaslangan sa Dios at sa mga tao. **17** At nang
makaraan nga ang ilang mga taon ay naparito ako upang
magdala ng mga limos sa aking bansa, at ng mga hain:
**18** Na ganito nila ako nasumpungang pinalinis sa templo,
na walang kasamang karamihan, ni wala ring kaguluhan:
datapuwa't mayroon doong ilang mga Judiong galing sa Asia.
**19** Na dapat magsiparito sa harapan mo, at mangagsakdal,
kung may anomang laban sa akin. **20** O kaya'y ang mga
tao ring ito ang mangagsabi kung anong masamang gawa
ang nasumpungan nila nang ako'y nakatayo sa harapan
ng Sanedrin, **21** Maliban na sa isang tinig na ito na aking
isinigaw nang nakatayo sa gitna nila, Tungkol sa pagkabuhay
na maguli ng mga patay ako'y pinaghahatulan sa harapan
ninyo sa araw na ito. **22** Datapuwa't si Felix, na may lalong
ganap nang pagkatalastas tungkol sa Daan, ay ipinagpaliban
sila, na sinasabi, Paglusong ni Lisias na pangulong kapitan,
ay pasisiyahan ko ang inyong usap. **23** At iniutos niya sa
senturion na siya'y tanuran at siya'y pagbigyang-loob; at
huwag ipagbawal sa kanino mang mga kaibigan niya na
siya'y paglingkuran. **24** Datapuwa't nang makaraan ang ilang
mga araw, si Felix ay dumating na kasama si Drusila, na
kaniyang asawa, na isang Judia, at ipinatawag si Pablo, at
siya'y pinakinggan tungkol sa pananampalataya kay Cristo
Jesus. **25** At samantalang siya'y nagsasalaysay tungkol sa
katuwiran, at sa sariling pagpipigil, at sa paghuhukom na
darating, ay nangilabot si Felix, at sumagot, Ngayo'y humayo
ka; at pagkakaroon ko ng kaukulang panahon ay ipatatawag
kita. **26** Kaniyang inaasahan din naman na siya'y bibigyan ni
Pablo ng salapi: kaya naman lalong madalas na ipinatatawag
siya, at sa kaniya'y nakikipagusap. **27** Datapuwa't nang
maganap ang dalawang taon, si Felix ay hinalinhan ni Porcio
Festo; at sa pagkaibig ni Felix na siya'y kalugdan ng mga
Judio, ay pinabayaan sa mga tanikala si Pablo.

**25** Nang makapasok na nga si Festo sa lalawigan,
pagkaraan ng tatlong araw ay umahon sa Jerusalem
mula sa Cesarea. **2** At ang mga pangulong saserdote at ang
mga maginoo sa mga Judio ay nangagbigay-alam sa kaniya
laban kay Pablo; at siya'y kanilang pinamanhikan, **3** Na
humihingi ng lingap laban sa kaniya, na siya'y ipahatid sa
Jerusalem; na binabakayan upang siya'y mapatay sa daan.
**4** Gayon ma'y sumagot si Festo, na si Pablo ay tinatanuran
sa Cesarea, at siya'y paroroon sa lalong madaling panahon.
**5** Kaya nga, sinabi niya, ang mga may kapangyarihan sa inyo
ay magsisamang lumusong sa akin, at kung may anomang
pagkakasala ang taong ito, ay isakdal siya nila. **6** At nang
siya'y makatira na sa kanila na hihigit sa walo o sangpung
araw, ay lumusong siya sa Cesarea: at nang kinabukasa'y
lumuklok siya sa hukuman, at ipinaharap sa kaniya si Pablo.
**7** At nang siya'y dumating, ay niligid siya ng mga Judio na
nagsilusong na galing sa Jerusalem, na may dalang marami
at mabibigat na sakdal laban sa kaniya, na pawang hindi
nila mapatunayan; **8** Samantalang sinasabi ni Pablo sa
kaniyang pagsasanggalang, Laban man sa kautusan ng
mga Judio, ni laban sa templo, ni laban kay Cesar, ay hindi
ako nagkakasala ng anoman. **9** Datapuwa't si Festo, sa
pagkaibig na siya'y kalugdan ng mga Judio, ay sumagot kay

Pablo, at nagsabi, Ibig mo bagang umahon sa Jerusalem,
at doon ka hatulan sa mga bagay na ito sa harapan ko?
10 Datapuwa't sinabi ni Pablo, Nakatayo ako sa harapan
ng hukuman ni Cesar, na doon ako dapat hatulan: wala
akong ginawang anomang kasamaan sa mga Judio, gaya rin
naman ng pagkatalastas mong mabuti. 11 Kung ako nga'y
isang makasalanan, at nakagawa ng anomang bagay na
marapat sa kamatayan, ay hindi ako tumatangging mamatay;
datapuwa't kung walang katotohanan ang mga bagay na
ipinagsasakdal ng mga ito laban sa akin, ay hindi ako
maibibigay ninoman sa kanila. Maghahabol ako kay Cesar.
12 Nang magkagayon si Festo, nang makapagpanayam
na sa Sanedrin, ay sumagot, Naghabol ka kay Cesar; kay
Cesar ka paparoon. 13 Nang makaraan nga ang ilang mga
araw, si Agripa na hari at si Bernice ay nangagsidating
sa Cesarea, at nagsibati kay Festo. 14 At nang sila'y
magsitira roong maraming araw, ay isinaysay ni Festo sa
hari ang usapin ni Pablo, na sinasabi, May isang taong
bilanggo na iniwan ni Felix: 15 Tungkol sa kaniya nang
ako'y nasa Jerusalem, ang mga pangulong saserdote at
ang mga matanda sa mga Judio ay nangagbigay-alam
sa akin, na hinihinging ako'y humatol laban sa kaniya.
16 Sa kanila'y aking isinagot, na hindi kaugalian ng mga
taga Roma na ibigay ang sinomang tao, hanggang hindi
nahaharap ang isinasakdal sa mga nagsisipagsakdal, at
siya'y magkaroon ng pagkakataong makagawa ng kaniyang
pagsasanggalang tungkol sa sakdal laban sa kaniya. 17
Nang sila nga'y mangagkatipon dito, ay hindi ako nagpaliban,
kundi nang sumunod na araw ay lumuklok ako sa hukuman,
at ipinaharap ko ang tao. 18 Tungkol sa kaniya, nang
magsitindig ang mga nagsisipagsakdal, ay walang anomang
sakdal na masamang bagay na maiharap sila na gaya ng
aking sinapantaha; 19 Kundi may ilang mga suliranin laban
sa kaniya tungkol sa kanilang sariling relihion, at sa isang
Jesus, na namatay, na pinatutunayan ni Pablo na ito'y buhay.
20 At ako, palibhasa'y naguguluhan tungkol sa kung paano
kayang mapagsisiyasat ang mga bagay na ito, ay itinanong
ko kung ibig niyang pumaroon sa Jerusalem at doon siya
hatulan tungkol sa mga bagay na ito. 21 Datapuwa't nang
makapaghabol na si Pablo na siya'y ingatan upang hatulan
ng emperador, ay ipinagutos kong ingatan siya hanggang
sa siya'y maipadala ko kay Cesar. 22 At sinabi ni Agripa
kay Festo, Ibig ko rin sanang mapakinggan ang tao. Bukas,
sinasabi niya, siya'y mapapakinggan mo. 23 Kaya't nang
kinabukasan, nang dumating si Agripa, at si Bernice, na
may malaking karilagan, at nang mangakapasok na sila sa
hukuman na kasama ang mga pangulong kapitan at ang
mga maginoo sa bayan, sa utos ni Festo ay ipinasok si
Pablo. 24 At sinabi ni Festo, Haring Agripa, at lahat ng
mga lalaking nangariritong kasama namin, nakikita ninyo
ang taong ito, na tungkol sa kaniya'y nagsasakdal sa akin
sa Jerusalem at dito naman ang buong karamihan ng
mga Judio, na nangagsisigawang hindi marapat na siya'y
mabuhay pa. 25 Datapuwa't aking nasumpungang siya'y
walang anomang ginawang marapat sa kamatayan: at
sapagka't siya rin ay naghabol sa emperador ay ipinasiya
kong siya'y ipadala. 26 Tungkol sa kaniya'y wala akong alam
na tiyak na bagay na maisusulat sa aking panginoon. Kaya
dinala ko siya sa harapan ninyo, at lalong-lalo na sa harapan
mo, haring Agripa, upang, pagkatapos ng pagsisiyasat, ay
magkaroon ng sukat na maisulat. 27 Sapagka't inaakala
kong di katuwiran, na sa pagpapadala ng isang bilanggo, ay
hindi magpahiwatig naman ng mga sakdal laban sa kaniya.

**26** At sinabi ni Agripa kay Pablo, Ipinahihintulot sa iyong
magsaysay ka sa ganang iyo. Nang magkagayo'y
iniunat ni Pablo ang kaniyang kamay, at ginawa ang kaniyang
pagsasanggalang: 2 Ikinaliligaya kong lubha, haring Agripa,
na sa harapan mo'y gawin ko ang aking pagsasanggalang
sa araw na ito tungkol sa lahat ng mga bagay na isinasakdal
ng mga Judio laban sa akin. 3 Lalong-lalo na sapagka't
bihasa ka sa lahat ng mga kaugalian at mga suliranin na
mayroon ang mga Judio: kaya nga ipinamamanhik ko sa
iyo na pagdalitaan mong dinggin ako. 4 Ang akin ngang
pamumuhay mula sa aking pagkabata, na nang una'y inugali
ko sa gitna ng aking bansa at sa Jerusalem, ay nalalaman
ng lahat ng mga Judio; 5 Na napagtatalastas nila mula
pa nang una, kung ibig nilang magsisaksi, na alinsunod
sa lalong mahigpit na sekta ng aming relihion ay nabuhay
akong isang Fariseo. 6 At ngayo'y nakatayo ako upang
hatulan dahil sa pagasa sa pangakong ginawa ng Dios sa
aming mga magulang; 7 Dahil sa pangakong ito'y ang aming
labingdalawang angkan ay buong pusong nagsisipaglingkod
sa Dios gabi't araw, na inaasahang kakamtin. At tungkol
sa pagasang ito ako'y isinasakdal ng mga Judio, Oh hari!
8 Bakit inaakala ninyong ito'y hindi mapaniniwalaan, kung
binubuhay ng Dios ang mga patay? 9 Tunay na ako ma'y
nagisip na dapat akong gumawa ng maraming mga bagay
laban sa pangalan ni Jesus na taga Nazaret. 10 At ginawa ko
rin ito sa Jerusalem: at kinulong ko sa mga bilangguan ang
marami sa mga banal, pagkatanggap ko ng kapamahalaan
sa mga pangulong saserdote, at nang sila'y ipinapapatay,
ay ibinibigay ko ang aking pagsangayon laban sa kanila.
11 At madalas sa pagpaparusa ko sa kanila sa lahat ng
mga sinagoga, ay pinipilit ko silang magsipamusong; at sa
totoong pagkagalit ko sa kanila, ay sila'y pinaguusig ko
hanggang sa mga bayan ng ibang lupain. 12 Hinggil dito
sa paglalakbay kong patungo sa Damasco na taglay ang
kapamahalaan at bilin ng mga pangulong saserdote, 13

Nang katanghalian, Oh hari, ay nakita ko sa daan ang isang
ilaw na mula sa langit, na lalong maningning kay sa araw, at
lumiwanag sa palibot ko at sa mga nagsisipaglakbay na
kasama ko. **14** At nang mangapasubasob sa lupa kaming
lahat, ay narinig ko ang isang tinig na nagsasalita sa akin sa
wikang Hebreo, Saulo, Saulo, bakit mo ako pinaguusig?
mahirap sa iyo ang sumikad sa mga matulis. **15** At sinabi ko,
Sino ka baga, Panginoon? At sinabi ng Panginoon, Ako'y
si Jesus na iyong pinaguusig. **16** Datapuwa't magbangon
ka, at ikaw ay tumindig sa iyong mga paa: sapagka't dahil
dito'y napakita ako sa iyo, upang ihalal kitang ministro at
saksi din naman ng mga bagay na nakita mo sa akin, at
ng mga bagay na pagpapakitaan ko sa iyo; **17** Na ililigtas
kita sa bayan, at sa mga Gentil, na sa kanila'y sinusugo
kita, **18** Upang idilat mo ang kanilang mga mata, upang
sila'y mangagbalik sa ilaw mula sa kadiliman at mula sa
kapangyarihan ni Satanas hanggang sa Dios, upang sila'y
magsitanggap ng kapatawaran ng mga kasalanan at ng
mga mana sa kasamahan ng mga pinapaging banal sa
pamamagitan ng pananampalataya sa akin. **19** Dahil nga
dito, Oh haring Agripa, hindi ako nagsuwail sa pangitain ng
kalangitan: **20** Kundi nangaral akong unauna sa mga taga
Damasco, at sa Jerusalem din naman, at sa buong lupain
ng Judea, at gayon din sa mga Gentil, na sila'y mangagsisi
at mangagbalik-loob sa Dios, na mangagsigawa ng mga
gawang karapatdapat sa pagsisisi. **21** Dahil dito'y hinuli ako
ng mga Judio sa templo, at pinagsisikapang ako'y patayin.
**22** Nang aking tamuhin nga ang tulong na mula sa Dios, ay
nananatili ako hanggang sa araw na ito na nagpapatotoo sa
maliliit at gayon din sa malalaki, na wala akong sinasabing
anoman kundi ang sinabi ng mga propeta at ni Moises na
mangyayari; **23** Kung paano na ang Cristo ay kailangang
maghirap, at kung paano na siya muna sa pamamagitan
ng pagkabuhay na maguli ng mga patay ay magtatanyag
ng ilaw sa bayan, at gayon din sa mga Gentil. **24** At nang
magawa na niyang gayon ang kaniyang pagsasanggalang
ay sinabi ni Festo ng malakas na tinig, Pablo, ikaw ay ulol;
ang kalakhan ng dunong mo ay siyang sa iyo'y nagpapaulol.
**25** Datapuwa't sinabi ni Pablo, Hindi ako ulol, kagalanggalang
na Festo; kundi nagsasalita ako ng mga salitang katotohanan
at kahinahunan. **26** Sapagka't nalalaman ng hari ang mga
bagay na ito, na sa kaniya'y nagsasalita naman ako ng
buong laya: sapagka't naniniwala ako na sa kaniya'y walang
nalilingid sa mga bagay na ito; sapagka't ito'y hindi ginawa
sa isang sulok. **27** Haring Agripa, naniniwala ka baga sa
mga propeta? Nalalaman kong naniniwala ka. **28** At sinabi
ni Agripa kay Pablo, Sa kakaunting paghikayat ay ibig mo
akong maging Cristiano. **29** At sinabi ni Pablo, Loobin nawa
ng Dios, na sa kakaunti o sa marami man, ay hindi lamang
ikaw, kundi pati ng lahat ng mga nagsisipakinig sa akin
ngayon, ay pawang maging katulad ko naman, tangi lamang
sa mga tanikalang ito. **30** At nagtindig ang hari, at ang
gobernador, at si Bernice, at ang mga nagsiupong kasama
nila: **31** At nang sila'y makahiwalay, ay nangagsalitaan sila
sa isa't isa, na nagsisipagsabi, Ang taong ito ay walang
anomang ginagawa na marapat sa kamatayan o sa mga
tanikala. **32** At sinabi ni Agripa kay Festo, mapalalaya sana
ang taong ito, kung hindi naghabol kay Cesar.

**27** At nang ipasiya na kami ay lalayag na patungo sa Italia,
ay ibinigay nila si Pablo at ang iba pang mga bilanggo
sa isang senturion na nagngangalang Julio, sa pulutong ni
Augusto. **2** At sa paglulan namin sa isang daong Adrameto,
na palayag sa mga dakong nasa baybayin ng Asia, ay
nagsitulak kami, na kasama namin si Aristarco na isang taga
Macedonia mula sa Tesalonica. **3** At nang sumunod na araw
ay nagsidaong kami sa Sidon: at pinagpakitaan ni Julio ng
magandang-loob si Pablo, at pinahintulutan siyang pumaroon
sa kaniyang mga kaibigan, at siya'y magpakaginhawa. **4** At
nang kami'y magsitulak buhat doon, ay nagsilayag kami
na nagsipanganlong sa Chipre, sapagka't pasalunga ang
hangin. **5** At nang matawid na namin ang dagat na nasa
tapat ng Cilicia at Pamfilia, ay nagsirating kami sa Mira, na
isang bayan ng Licia. **6** At nasumpungan doon ng senturion
ang isang daong Alejandria na lumalayag na patungo sa
Italia; at inilulan niya kami roon. **7** At nang makapaglayag
na kaming marahan nang maraming mga araw, at may
kahirapan kaming nakarating sa tapat ng Gnido, na hindi
kami tinulutan ng hanging makasulong pa, ay nagsilayag
kami na nagsipanganlong sa Creta, sa tapat ng Salmon;
**8** At sa pamamaybay namin dito na may kahirapan ay
nagsidating kami sa isang dako na tinatawag na Mabubuting
Daongan; na malapit doon ang bayan ng Lasea. **9** At nang
magugol na ang mahabang panahon, at mapanganib na ang
paglalayag, sapagka't nakalampas na ang Pagaayuno, ay
pinamanhikan sila ni Pablo, **10** At sa kanila'y sinabi, Mga
ginoo, nakikita ko na ang paglalayag na ito ay makapipinsala
at magiging malaking kapahamakan, hindi lamang sa lulan at
sa daong, kundi naman sa ating mga buhay. **11** Datapuwa't
may higit pang paniwala ang senturion sa piloto at sa may-
ari ng daong, kay sa mga bagay na sinalita ni Pablo. **12** At
sapagka't hindi bagay hintuan sa tagginaw ang daongan,
ay ipinayo ng karamihan na tumulak mula roon, at baka
sakaling sa anomang paraan ay makarating sila sa Fenix, at
doon huminto sa tagginaw; na yao'y daungan ng Creta, na
nasa dakong hilagang-silanganan at timugang-silanganan.
**13** At nang marahang humihihip ang hanging timugan na
inaakalang maisasagawa nila ang kanilang nasa, itinaas
nila ang sinepete at namaybay sa baybayin ng Creta. **14**

Datapuwa't hindi nalaon at humampas na galing doon ang
maunos na hangin, na tinatawag na Euraclidon: **15** At nang
ipadpad ang daong, at hindi makasalungat sa hangin, ay
nangagpabaya na kami, at kami'y ipinadpad. **16** At sa
pagtakbo ng daong na nanganganlong sa isang maliit na pulo
na tinatawag na Clauda, ay may kahirapan naming maitaas
ang bangka: **17** At nang maitaas na ito, ay nagsigamit sila
ng mga lubid, na tinalian ang ibaba ng daong; at, sa takot
na baka mapapadpad sa Sirte, ay ibinaba nila ang mga
layag, at sa gayo'y napaanod sila. **18** At sapagka't lubhang
nakikipaglaban kami sa bagyo, nang sumunod na araw ay
nangagsimula silang magtapon ng lulan sa dagat; **19** At nang
ikatlong araw ay kanilang ipinagtatapon ng kanilang sariling
mga kamay ang mga kasangkapan ng daong. **20** At nang
hindi sumisikat sa amin ang araw ni ang mga bituin man
nang maraming mga araw, at sumasa ibabaw namin ang
isang hindi munting bagyo, ay nawala ang buong pagasa
na kami'y makaliligtas. **21** At nang maluwat nang hindi sila
nagsisikain, ay tumayo nga si Pablo sa gitna nila, at sinabi,
Mga ginoo, nangakinig sana kayo sa akin, at hindi umalis sa
Creta, at nailagan ang kapinsalaang ito at kapahamakan. **22**
At ngayon ay ipinamamanhik ko sa inyo na inyong laksan
ang inyong loob; sapagka't walang buhay na mapapahamak
sa inyo, kundi ang daong lamang. **23** Sapagka't nang gabing
ito ay tumayo sa tabi ko ang anghel ng Dios na may-ari sa
akin, at siya ko namang pinaglilingkuran, **24** Na nagsabi,
Huwag kang matakot, Pablo; kailangang ikaw ay humarap
kay Cesar: at narito, ipinagkaloob sa iyo ng Dios ang lahat ng
kasama mo sa paglalayag. **25** Kaya nga, mga ginoo, laksan
ninyo ang inyong loob: sapagka't ako'y sumasampalataya sa
Dios, na mangyayari ayon sa sinalita sa akin. **26** Datapuwa't
tayo'y kailangang mapapadpad sa isang pulo. **27** Datapuwa't
nang dumating ang ikalabingapat na gabi, samantalang
kami'y ipinapadpad ng hangin sa magkabikabila ng Dagat ng
Adriatico, nang maghahating gabi na ay sinasapantaha ng
mga mangdaragat na sila'y nangalalapit na sa isang lupain.
**28** At kanilang tinarok, at nasumpungang may dalawangpung
dipa; at pagkasulongsulong ng kaunti, ay tinarok nilang
muli at nasumpungang may labinglimang dipa. **29** At sa
takot naming mapapadpad sa batuhan, ay nangaghulog sila
ng apat na sinepete sa hulihan, at iniibig magumaga na.
**30** At sa pagpipilit ng mga mangdaragat na mangagtanan
sa daong, at nang maibaba na ang bangka sa dagat, na
ang dinadahilan ay mangaghuhulog sila ng mga sinepete
sa unahan, **31** Ay sinabi ni Pablo sa senturion at sa mga
kawal, Maliban na magsipanatili ang mga ito sa daong,
kayo'y hindi mangakaliligtas. **32** Nang magkagayo'y pinutol
ng mga kawal ang mga lubid ng bangka, at pinabayaang
mahulog. **33** At samantalang naguumaga, ay ipinamanhik
ni Pablo sa lahat na magsikain, na sinasabi, Ang araw na
ito ang ikalabingapat na araw na kayo'y nangaghihintay at
nangagpapatuloy sa hindi pagkain, na walang kinakaing
anoman. **34** Kaya nga ipinamamanhik ko sa inyo na kayo'y
magsikain: sapagka't ito'y sa ikaliligtas ninyo: sapagka't
hindi mawawala kahit isang buhok sa ulo ng sinoman sa
inyo. **35** At nang masabi na niya ito, at makadampot ng
tinapay, ay nagpasalamat siya sa Dios sa harapan ng
lahat; at kaniyang pinagputolputol, at pinasimulang kumain.
**36** Nang magkagayo'y nagsilakas ang loob ng lahat, at
sila nama'y pawang nagsikain din. **37** At kaming lahat na
nangasa daong ay dalawang daan at pitongpu't anim na
kaluluwa. **38** At nang mangabusog na sila, ay pinagaan nila
ang daong, na ipinagtatapon sa dagat ang trigo. **39** At nang
magumaga na, ay hindi nila makilala ang lupain; datapuwa't
nababanaagan nila ang isang look ng dagat na may baybayin,
at sila'y nangagsangusapan kung kanilang maisasadsad ang
daong doon. **40** At inihulog ang mga sinepete, at kanilang
pinabayaan sa dagat, samantalang kinakalag ang mga
tali ng mga ugit; at nang maitaas na nila sa hangin ang
layag sa unahan, ay nagsipatungo sila sa baybayin. **41**
Datapuwa't pagdating sa isang dako na pinagsasalubungan
ng dalawang dagat, ay kanilang isinadsad ang daong; at
ang unahan ng daong ay napabunggo at tumigil na hindi
kumikilos, datapuwa't nagpasimulang magkawasakwasak
ang hulihan sa kalakasan ng mga alon. **42** At ang payo ng
mga kawal ay pagpapatayin ang mga bilanggo, upang ang
sinoma'y huwag makalangoy at makatanan. **43** Datapuwa't
ang senturion, sa pagkaibig na iligtas si Pablo, ay pinigil sila
sa kanilang balak; at ipinagutos na ang mga makalangoy ay
magsitalon, at mangaunang magsidating sa lupa; **44** At sa
mga naiwan, ang iba'y sa mga kahoy, at ang iba nama'y sa
mga bagay na galing sa daong. At sa ganito nangyari, na
ang lahat ay nangakatakas na ligtas hanggang sa lupa.

**28** At nang kami'y mangakatakas na, nang magkagayo'y
napagtalastas namin na ang pulo'y tinatawag na Melita.
**2** At pinagpakitaan kami ng hindi karaniwang kagandahang-
loob ng mga barbaro: sapagka't sila'y nagsiga, at tinanggap
kaming lahat, dahil sa ulan niyaon, at dahil sa ginaw. **3**
Datapuwa't pagkapagtipon ni Pablo ng isang bigkis na kahoy
at mailagay sa apoy, ay lumabas ang isang ulupong dahil
sa init, at kumapit sa kaniyang kamay. **4** At nang makita
ng mga barbaro ang makamandag na hayop na nakabitin
sa kaniyang kamay, ay nagsabi ang isa sa iba, Walang
salang mamamatay-tao ang taong ito, na, bagama't siya'y
nakatakas sa dagat, gayon ma'y hindi siya pinabayaang
mabuhay ng Katarungan. **5** Gayon ma'y ipinagpag niya
ang hayop sa apoy, at siya'y hindi nasaktan. **6** Nguni't
kanilang hinihintay na siya'y mamaga, o biglang mabuwal na

patay: datapuwa't nang maluwat na silang makapaghintay,
at makitang walang nangyari sa kaniyang anoman, ay
nangagbago sila ng akala, at nangagsabing siya'y isang
dios. 7 At sa mga kalapit ng dakong yao'y may mga lupain
ang pangulo sa pulong yaon, na nagngangalang Publio;
na tumanggap sa amin, at nagkupkop sa aming tatlong
araw na may kagandahang-loob. 8 At nangyari, nararatay
ang ama ni Publio na may-sakit na lagnat at iti: at pinasok
siya ni Pablo, at nanalangin, at nang maipatong sa kaniya
ang kaniyang mga kamay ay siya'y pinagaling. 9 At nang
magawa na ito, ay nagsiparoon naman ang mga ibang
maysakit sa pulo, at pawang pinagaling: 10 Kami nama'y
kanilang pinarangalan ng maraming pagpaparangal; at
nang magsilayag kami, ay kanilang inilulan sa daong ang
mga bagay na kinakailangan namin. 11 At nang makaraan
ang tatlong buwan ay nagsilayag kami sa isang daong
Alejandria na tumigil ng tagginaw sa pulo, na ang sagisag
ay Ang Magkapatid na Kambal. 12 At nang dumaong kami
sa Siracusa, ay nagsitigil kami roong tatlong araw. 13 At
mula doo'y nagsiligid kami, at nagsirating sa Regio: at
pagkaraan ng isang araw ay humihip ang timugan, at nang
ikalawang araw ay nagsirating kami sa Puteoli; 14 Na doo'y
nakasumpong kami ng mga kapatid, at kami'y pinakiusapang
matira sa kanilang pitong araw: at sa gayo'y nagsirating kami
sa Roma. 15 At buhat doo'y pagkabalita ng mga kapatid, ay
sinalubong kami sa Pamilihan ng Appio at sa Tatlong Bahay-
Tuluyan; na nang sila'y makita ni Pablo, ay nagpasalamat
sa Dios, at lumakas ang loob. 16 At nang mangakapasok
kami sa Roma, si Pablo ay pinahintulutang mamahay na
magisa na kasama ng kawal na sa kaniya'y nagbabantay.
17 At nangyari, na nang makaraan ang tatlong araw ay
tinipon niya yaong mga pangulo sa mga Judio: at nang
sila'y mangagkatipon na, ay sinabi niya sa kanila, Ako, mga
kapatid, bagaman wala akong ginawang anoman laban sa
bayan, o sa mga kaugalian ng ating mga magulang, ay
ibinigay akong bilanggo buhat sa Jerusalem sa mga kamay
ng mga taga Roma: 18 Na, nang ako'y kanilang masulit
na, ay ibig sana nila akong palayain, sapagka't wala sa
aking anomang kadahilanang marapat sa kamatayan. 19
Datapuwa't nang magsalita laban dito ang mga Judio, ay
napilitan akong maghabol hanggang kay Cesar; hindi dahil
sa mayroon akong anomang sukat na maisakdal laban sa
aking bansa. 20 Sanhi sa dahilang ito tinawag ko kayo
upang makipagkita at makipagusap sa akin: sapagka't dahil
sa pagasa ng Israel ay nagagapos ako ng tanikalang ito.
21 At sinabi nila sa kaniya, Kami'y hindi nagsitanggap ng
mga sulat na galing sa Judea tungkol sa iyo, ni naparito
man ang sinomang kapatid na magbalita o magsalita ng
anomang masama tungkol sa iyo. 22 Datapuwa't ibig naming
marinig sa iyo kung ano ang iyong iniisip: sapagka't tungkol
sa sektang ito'y talastas naming sa lahat ng mga dako
ay laban dito ang mga salitaan. 23 At nang mataningan
na nila siya ng isang araw, ay nagsiparoon ang lubhang
marami sa kaniyang tinutuluyan; at sa kanila'y kaniyang
ipinaliwanag ang bagay, na sinasaksihan ang kaharian ng
Dios, at sila'y hinihikayat tungkol kay Jesus, sa pamamagitan
ng kautusan ni Moises at gayon din sa pamamagitan ng
mga propeta, buhat sa umaga hanggang sa gabi. 24 At
ang mga iba'y nagsipaniwala sa mga bagay na sinabi,
at ang mga iba'y hindi nagsipaniwala. 25 At nang sila'y
hindi mangagkaisa, ay nangagsialis pagkasabi ni Pablo ng
isang salita, Mabuti ang pagkasalita ng Espiritu Santo sa
pamamagitan ng propeta Isaias sa inyong mga magulang,
26 Na sinasabi, Pumaroon ka sa bayang ito, at sabihin mo,
Sa pakikinig ay inyong mapapakinggan, at sa anomang
paraa'y hindi ninyo mapaguunawa; At sa pagtingin ay inyong
makikita, at sa anomang paraa'y hindi ninyo mamamalas: 27
Sapagka't kumapal ang puso ng bayang ito, At mahirap na
makarinig ang kanilang mga tainga, At kanilang ipinikit ang
kanilang mga mata; Baka sila'y mangakakita ng kanilang
mga mata, At mangakarinig ng kanilang mga tainga, At
mangakaunawa ng kanilang puso, At muling mangagbalik-
loob, At sila'y aking pagalingin. 28 Maging hayag nawa sa
inyo, na ang kaligtasang ito ng Dios ay ipinadala sa mga
Gentil: sila'y makikinig naman. 29 At nang masabi na niya
ang mga salitang ito'y nagsialis ang mga Judio, at sila-
sila'y nangagtatalong mainam. 30 At tumahan si Pablo na
dalawang taong ganap sa kaniyang tahanang inuupahan, at
tinatanggap ang lahat ng sa kaniya'y nagsisipagsadya, 31
Na ipinangangaral ang kaharian ng Dios, at itinuturo ang
mga bagay na nauukol sa Panginoong Jesucristo ng buong
katapangan, wala sinomang nagbabawal sa kaniya.

# Mga Roma

1 Si Pablo na alipin ni Jesucristo, na tinawag na maging
apostol, ibinukod sa evangelio ng Dios, 2 Na kaniyang
ipinangako nang una sa pamamagitan ng kaniyang mga
propeta sa mga banal na kasulatan, 3 Tungkol sa kaniyang
Anak, na ipinanganak sa binhi ni David ayon sa laman, 4 Na
ipinahayag na Anak ng Dios na may kapangyarihan ayon sa
espiritu ng kabanalan, sa pamamagitan ng pagkabuhay na
maguli ng mga patay, sa makatuwid baga'y si Jesucristo na
Panginoon natin, 5 Na sa pamamagitan niya'y tinanggap
namin ang biyaya at pagkaapostol, sa pagtalima sa
pananampalataya sa lahat ng mga bansa, dahil sa kaniyang
pangalan; 6 Sa mga ito kayo naman, ay tinawag kay
Jesucristo: 7 Sa lahat ninyong nangasa Roma, mga iniibig ng
Dios, tinawag na mangagbanal: Sumainyo nawa ang biyaya
at kapayapaang mula sa Dios na ating Ama at Panginoong
Jesucristo. 8 Kaunaunahan, ay nagpapasalamat ako sa
aking Dios sa pamamagitan ni Jesucristo tungkol sa inyong
lahat, na ang inyong pananampalataya ay bantog sa buong
sanglibutan. 9 Sapagka't ang Dios ang aking saksi, na siyang
pinaglilingkuran ko sa aking espiritu sa evangelio ng kaniyang
Anak, na walang patid na aking kayong binabanggit, sa aking
mga panalangin, 10 At laging isinasamo ko, kung ngayon sa
wakas sa anomang paraan ay magkapalad ako sa kalooban
ng Dios na makarating sa inyo. 11 Sapagka't ninanasa
kong makita kayo, upang ako'y makapamahagi sa inyo ng
kaloob na ukol sa espiritu, upang kayo'y mangagsitibay;
12 Sa makatuwid baga, upang ako't kayo ay maaliw sa
inyo, ang bawa't isa sa atin sa pananampalataya ng iba,
ang sa inyo at sa akin. 13 At hindi ko ibig, mga kapatid,
na hindi ninyo matalastas na madalas kong inaakalang
makarating sa inyo (datapuwa't hanggang ngayon ako'y
nahahadlangan), upang magkaroon naman ako sa inyo ng
anomang bunga, na gaya sa mga ibang Gentil. 14 Ako'y may
utang sa mga Griego at gayon din naman sa mga barbaro, sa
marurunong at gayon din sa mga mangmang. 15 Kaya nga,
sa ganang akin, ay handa akong ipangaral din ang evangelio
sa inyong nangasa Roma. 16 Sapagka't hindi ko ikinahihiya
ang evangelio: sapagka't siyang kapangyarihan ng Dios sa
ikaliligtas ng bawa't sumasampalataya; una'y sa Judio, at
gayon din sa Griego. 17 Sapagka't dito ang katuwiran ng
Dios ay nahahayag mula sa pananampalataya hanggang sa
pananampalataya: gaya ng nasusulat, Nguni't ang ganap
ay mabubuhay sa pamamagitan ng pananampalataya. 18
Sapagka't ang poot ng Dios ay nahahayag mula sa langit
laban sa lahat na kasamaan at kalikuan ng mga tao, na
mga sinasawata ang katotohanan ng kalikuan; 19 Sapagka't
ang nakikilala tungkol sa Dios ay hayag sa kanila; sapagka't
ito'y ipinahayag ng Dios sa kanila. 20 Sapagka't ang mga
bagay niyang hindi nakikita buhat pa nang lalangin ang
sanglibutan ay nakikitang maliwanag, sa pagkatanto sa
pamamagitan ng mga bagay na ginawa niya, maging ang
walang hanggan niyang kapangyarihan at pagka Dios; upang
sila'y walang madahilan: (aïdios g126) 21 Sapagka't kahit kilala
nila ang Dios, siya'y hindi niluwalhati nilang tulad sa Dios,
ni pinasalamatan; kundi bagkus niwalang kabuluhan sa
kanilang mga pagmamatuwid at ang mangmang nilang puso
ay pinapagdilim. 22 Ang mga nangagmamarunong ay naging
mga mangmang, 23 At pinalitan nila ang kaluwalhatian ng
Dios na hindi nasisira, ng isang katulad ng larawan ng tao
na nasisira, at ng mga ibon, at ng mga hayop na may
apat na paa, at ng mga nagsisigapang. 24 Dahil dito'y sa
karumihan ng mga pita ng kanilang mga puso ay ibinigay sila
ng Dios sa kahalayan, upang alisan nila ng puri ang kanilang
mga katawan sa kanikanilang sarili: 25 Sapagka't pinalitan
nila ang katotohanan ng Dios ng kasinungalingan, at sila'y
nagsisamba at nangaglingkod sa nilalang kay sa Lumalang,
na siyang pinupuri magpakailan man. Siya nawa. (aiōn g165)
26 Dahil dito'y ibinigay sila ng Dios sa mga mahahalay na pita:
sapagka't pinalitan ng kanilang mga babae ang katutubong
kagamitan niyaong nalalaban sa katutubo: 27 At gayon din
naman ang mga lalake, na nang iwan na ang katutubong
kagamitan sa mga babae, ay nangagningas sa kanilang
karumihan ng pita ang isa't isa, na gumagawa ng kahalayan
ang mga lalake sa mga kapuwa lalake, at tumatanggap
sa kanilang sarili ng kagantihan ng kanilang pagkakamali.
28 At palibhasa'y hindi nila minagaling na kilalanin ang
Dios, ibinigay sila ng Dios sa isang mahalay na pagiisip,
upang gawin yaong mga bagay na hindi nangararapat; 29
Nangapuspus sila ng buong kalikuan, ng kasamaan, ng
kasakiman, ng kahalayan; puspos ng kapanaghilian, ng
pagpatay sa kapuwa tao, ng pagtatalo, ng pagdaraya, ng
mga kasamaan; mga mapagupasala, 30 Mga mapanirang
puri, mga napopoot sa Dios, mga manglalait, mga palalo,
mga mapagmapuri, mga mangangatha ng mga kasamaan,
mga masuwayin sa mga magulang, 31 Mga haling, mga
hindi tapat sa tipanan, mga walang katutubong paggiliw,
mga walang habag: 32 Na, bagama't nalalaman nila ang
kautusan ng Dios, na ang mga nagsisigawa ng gayong mga
bagay ay mga karapatdapat sa kamatayan, ay hindi lamang
gayon ang ginagawa, kundi naman pinapayagan ang mga
nagsisigawa ng mga yaon.

2 Dahil dito'y wala kang madadahilan, Oh tao, sino ka
man na humahatol: sapagka't sa iyong paghatol sa
iba, ay ang iyong sarili ang hinahatulan mo; sapagka't
ikaw na humahatol ay gumagawa ka ng gayon ding mga
bagay. 2 At nalalaman natin na ang hatol ng Dios ay ayon

sa katotohanan laban sa kanila na mga nagsisigawa ng
gayong mga bagay. 3 At iniisip mo baga ito, Oh tao, na
humahatol sa mga nagsisigawa ng gayong mga bagay, at
ginagawa mo ang gayon din, na ikaw ay makatatanan sa
hatol ng Dios? 4 O hinahamak mo ang mga kayamanan
ng kaniyang kabutihan at pagtitiis at pagpapahinuhod, na
hindi mo nalalaman na ang kabutihan ng Dios ay siyang
umaakay sa iyo sa pagsisisi? 5 Datapuwa't ayon sa iyong
katigasan at iyong pusong hindi nagsisisi ay nagtitipon
ka sa iyong sarili ng poot sa kaarawan ng kapootan at
pagpapahayag ng tapat na paghuhukom ng Dios; 6 Na
siya ang magbibigay sa bawa't tao ayon sa kaniyang mga
gawa: 7 Sa mga nagsisipagtiyaga sa mabubuting gawa sa
paghanap ng kaluwalhatian at puri at ng di pagkasira, ay ang
buhay na walang hanggan: (aiōnios g166) 8 Datapuwa't ang sa
mga palaaway, at mga hindi nagsisitalima sa katotohanan,
kundi bagkus nagsisisunod sa kalikuan, ay ang kagalitan
at kapootan, 9 Kapighatian at kahapisan, ang sa bawa't
kaluluwa ng tao na gumagawa ng masama, ng Judio una-
una, at gayon din ng Griego; 10 Datapuwa't kaluwalhatian at
karangalan at kapayapaan ang sa bawa't taong gumagawa
ng mabuti, sa Judio ang una-una, at gayon din sa Griego:
11 Sapagka't ang Dios ay hindi nagtatangi ng mga tao. 12
Sapagka't ang lahat ng nangagkasala ng walang kautusan
ay mangapapahamak din naman ng walang kautusan: at
ang lahat na nangagkasala sa ilalim ng kautusan ay sa
kautusan din sila hahatulan; 13 Sapagka't hindi ang mga
tagapakinig ng kautusan ang siyang mga ganap sa harapan
ng Dios, kundi ang nangagsisitalima sa kautusan ay aariing
mga ganap; 14 (Sapagka't kung ang mga Gentil na walang
kautusan sa katutubo, ay nagsisigawa ng mga bagay ng
kautusan, ang mga ito, na walang kautusan, ay siyang
kautusan sa kanilang sarili; 15 Na nangagtatanyag ng gawa
ng kautusang nasusulat sa kanilang puso, na pinatotohanan
ito pati ng kanilang budhi, at ang kanilang mga pagiisip ay
nangagsusumbungan o nangagdadahilanan sa isa't isa); 16
Sa araw na hahatulan ng Dios ang mga lihim ng mga tao,
ayon sa aking evangelio, sa pamamagitan ni Jesucristo.
17 Nguni't kung ikaw na may taglay na pangalang Judio,
at nasasalig sa kautusan, at nagmamapuri sa Dios, 18 At
nakaaalam ng kaniyang kalooban, at sumasangayon sa mga
bagay na magagaling, palibhasa'y tinuruan ka ng kautusan,
19 At nagkakatiwala ka na ikaw ay tagaakay ng mga bulag,
ilaw ng mga nasa kadiliman, 20 Tagasaway sa mga di
nakaaalam, guro ng mga bata, na sa kautusan ay mayroon
kang anyo ng pagkakilala at ng katotohanan; 21 Ikaw nga
na nagtuturo sa iba, hindi mo tinuturuan ang iyong sarili?
ikaw na nangangaral sa tao na huwag magnanakaw, ay
nagnanakaw ka? 22 Ikaw na nagsasabing ang tao ay huwag
mangalunya, ay nangangalunya ka? ikaw na nasusuklam sa
mga diosdiosan, ay nanakawan mo ang mga templo? 23
Ikaw na nagmamapuri sa kautusan, sa iyong pagsuway sa
kautusan ay niwawalan mo ng puri ang Dios? 24 Sapagka't
ang pangalan ng Dios ay nalalait ng mga Gentil dahil sa
iyo, gaya ng nasusulat. 25 Sapagka't ang pagtutuli'y tunay
na pinakikinabangan, kung tinutupad mo ang kautusan;
datapuwa't kung ikaw ay masuwayin sa kautusan, ang
iyong pagtutuli ay nagiging di pagtutuli. 26 Kung ang di
pagtutuli nga ay tumutupad ng katuwiran ng kautusan, hindi
baga aariing pagtutuli ang kaniyang di pagtutuli? 27 At ang
di pagtutuli sa katutubo, kung tumupad ng kautusan, ay
hindi baga hahatol sa iyo na may titik at may pagtutuli na
masuwayin sa kautusan? 28 Sapagka't siya'y hindi Judio
kung sa labas lamang; ni magiging pagtutuli yaong hayag sa
laman; 29 Datapuwa't siya'y Judio sa loob; at ang pagtutuli
ay yaong sa puso, sa Espiritu hindi sa titik; ang kaniyang
kapurihan ay hindi sa mga tao, kundi sa Dios.

3 Ano nga ang kahigitan ng Judio? o ano ang
mapapakinabang sa pagtutuli? 2 Marami sa anomang
paraan: ang una sa lahat, ay ipinagkatiwala sa kanila
ang mga aral ng Dios. 3 Ano nga kung ang ilan ay hindi
nangagsisampalataya? ang di pananampalataya nila ay
nagpapawalang halaga baga sa pagtatapat ng Dios? 4
Huwag nawang mangyari: oo, bagkus pa nga ang Dios ay
tapat, datapuwa't ang bawa't tao'y sinungaling; gaya ng
nasusulat, Upang ikaw ay ariing ganap sa iyong mga salita, At
makapagtagumpay ka kung ikaw ay mahatulan. 5 Datapuwa't
kung ang ating kalikuan ay nagbibigay dilag sa katuwiran
ng Dios, ano ang ating sasabihin? Liko baga ang Dios
na dumadalaw na may poot? (nagsasalita akong ayon sa
pagkatao.) 6 Huwag nawang mangyari: sapagka't kung gayo'y
paanong paghatol ng Dios sa sanglibutan? 7 Datapuwa't
kung ang katotohanan ng Dios sa pamamagitan ng aking
kasinungalingan ay sumagana sa ikaluluwalhati niya, bakit
pa naman ako'y hinahatulang tulad sa isang makasalanan?
8 At bakit hindi (gaya ng pagkalibak sa atin, at gaya ng
pinatotohanan ng ilan na ating sinasabi), Magsigawa tayo ng
masama upang dumating ang mabuti? ang kaparusahan
sa mga gayon ay matuwid. 9 Ano nga? tayo baga'y lalong
mabuti kay sa kanila? Hindi, sa anomang paraan: sapagka't
ating kapuwa isinasakdal na muna ang mga Judio at ang
mga Griego, na silang lahat ay nangasa ilalim ng kasalanan;
10 Gaya ng nasusulat, Walang matuwid, wala, wala kahit
isa; 11 Walang nakatatalastas, Walang humahanap sa Dios;
12 Silang lahat ay nagsilihis, magkakasamang nawalan ng
kasaysayan; Walang gumagawa ng mabuti, wala, wala kahit
isa: 13 Ang kanilang lalamunan ay isang libingang bukas;
Nagsigamit ng daya sa pamamagitan ng kanilang mga dila:

Ang kamandag ng mga ulupong ang siyang nasa ilalim
ng kanilang mga labi: 14 Ang kanilang bibig ay puno ng
panunumpa at ng kapaitan: 15 Ang kanilang mga paa ay
matulin sa pagbububo ng dugo; 16 Kagibaan at kahirapan
ang nasa kanilang mga daan; 17 At ang daan ng kapayapaan
ay hindi nila nakilala; 18 Walang pagkatakot sa Dios sa
harap ng kanilang mga mata. 19 Ngayon ay nalalaman
natin na ang anomang sinasabi ng kautusan, yaon ay
sinasabi sa nangasa ilalim ng kautusan; upang matikom
ang bawa't bibig, at ang buong sanglibutan ay mapasa
ilalim ng hatol ng Dios: 20 Sapagka't sa pamamagitan
ng mga gawa ng kautusan ay walang laman na aariing-
ganap sa paningin niya; sapagka't sa pamamagitan ng
kautusan ay ang pagkakilala ng kasalanan. 21 Datapuwa't
ngayon bukod sa kautusan ay ipinahahayag ang isang
katuwiran ng Dios, na sinasaksihan ng kautusan at ng
mga propeta; 22 Sa makatuwid baga'y ang katuwiran ng
Dios sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesucristo
sa lahat ng mga nagsisisampalataya; sapagka't walang
pagkakaiba; 23 Sapagka't ang lahat ay nangagkasala nga, at
hindi nangakaabot sa kaluwalhatian ng Dios; 24 Palibhasa'y
inaring-ganap na walang bayad ng kaniyang biyaya sa
pamamagitan ng pagtubos na nasa kay Cristo Jesus: 25 Na
siyang inilagay ng Dios na maging pangpalubagloob, sa
pamamagitan ng pananampalataya, sa kaniyang dugo, upang
maipakilala ang kaniyang katuwiran dahil sa hindi pagpansin
sa mga kasalanan na nagawa nang nagdaang panahon
sa pagpapahinuhod ng Dios; 26 Sa pagpapakilala'y aking
sinasabi, ng kaniyang katuwiran sa panahong kasalukuyan,
upang siya'y maging ganap at tagaaring-ganap sa may
pananampalataya kay Cristo. 27 Kaya nga saan naroon ang
pagmamapuri? Ito'y inihiwalay na. Sa pamamagitan ng anong
kautusan? ng mga gawa? Hindi: kundi sa pamamagitan ng
kautusan ng pananampalataya. 28 Kaya nga maipasisiya
natin na ang tao ay inaaring-ganap sa pananampalataya na
hiwalay sa mga gawa ng kautusan. 29 O ang Dios baga ay
Dios ng mga Judio lamang? hindi baga siya ang Dios din ng
mga Gentil? Oo, ng mga Gentil din naman: 30 Kung gayon
nga na iisa ang Dios, at kaniyang aariing-ganap ang pagtutuli
sa pamamagitan ng pananampalataya, at ang di pagtutuli
sa pamamagitan ng pananampalataya. 31 Niwawalan
kaya nating kabuluhan ang kautusan sa pamamagitan
ng pananampalataya? Huwag nawang mangyari: kundi
pinagtitibay pa nga natin ang kautusan.

**4** Ano nga ang ating sasabihin, na nasumpungan ni
Abraham na ating magulang ayon sa laman? 2 Sapagka't
kung si Abraham ay inaring-ganap sa pamamagitan ng mga
gawa, ay mayroon sana siyang ipagmamapuri; datapuwa't
hindi sa Dios. 3 Sapagka't ano ang sinasabi ng kasulatan? At
sumampalataya si Abraham sa Dios, at sa kaniya'y ibinilang
na katuwiran. 4 Ngayon sa kaniya na gumagawa'y, hindi
ibinibilang na biyaya ang ganti, kundi utang. 5 Datapuwa't
sa kaniya na hindi gumagawa, nguni't sumasampalataya
sa kaniya na umaaring ganap sa masama, ang kaniyang
pananampalataya ay ibibilang na katuwiran. 6 Gaya naman
ng sinasambit ni David na kapalaran ng tao, na sa
kaniya'y ibinibilang ng Dios ang katuwiran nang walang
mga gawa, 7 Na sinasabi, Mapapalad yaong ang kanilang
mga pagsalangsang ay ipinatawad, At ang kanilang mga
kasalanan ay nangatakpan. 8 Mapalad ang tao na sa
kaniya'y hindi ibibilang ng Panginoon ang kasalanan. 9
Sinambit nga baga ang kapalarang ito tungkol sa pagtutuli,
o tungkol din naman sa di-pagtutuli? sapagka't sinasabi
natin, Kay Abraham ay ibinilang na katuwiran ang kaniyang
pananampalataya. 10 Paano ngang ito'y ibinilang? nang siya
baga'y nasa pagtutuli, o sa di-pagtutuli? Hindi sa pagtutuli,
kundi sa di-pagtutuli: 11 At tinanggap niya ang tanda ng
pagtutuli, na isang tatak ng katuwiran ng pananampalataya
na nasa kaniya samantalang siya'y nasa di-pagtutuli: upang
siya'y maging ama ng lahat ng mga nagsisisampalataya,
bagaman sila'y nasa di-pagtutuli, upang ang katuwiran ay
maibilang sa kanila; 12 At ang ama ng pagtutuli nila na hindi
lamang sa pagtutuli, kundi pati naman sa mga nagsisilakad
sa mga bakas niyaong pananampalataya ng ating amang
si Abraham na nasa kaniya nang siya'y nasa di-pagtutuli.
13 Sapagka't hindi sa pamamagitan ng kautusan ginawa
ang pangako kay Abraham o sa kaniyang binhi na siyang
magmamana ng sanglibutan, kundi sa pamamagitan ng
katuwiran ng pananampalataya. 14 Sapagka't kung silang
nangasa kautusan ay siyang mga tagapagmana, ay walang
kabuluhan ang pananampalataya, at nawawalang kabuluhan
ang pangako: 15 Sapagka't ang kautusan ay gumagawa
ng galit; datapuwa't kung saan walang kautusan ay wala
ring pagsalangsang. 16 Dahil dito'y sa pananampalataya,
upang maging ayon sa biyaya; upang ang pangako ay
lumagi sa lahat ng binhi; hindi lamang sa nasa kautusan,
kundi pati naman sa nasa pananampalataya ni Abraham, na
ama nating lahat. 17 (Gaya ng nasusulat, Ginawa kitang
ama ng maraming bansa) sa harapan niyaong kaniyang
pinanampalatayanan, sa makatuwid baga'y ang Dios, na
nagbibigay ng buhay sa mga patay, at tumatawag sa
mga bagay na hindi pa hayag na tila hayag na. 18 Siya
na sumampalataya na nasa pagasa laban sa pagasa,
upang maging ama ng maraming bansa ayon sa sabi,
Magiging gayon ang iyong binhi. 19 At hindi humina sa
pananampalataya na ipinalagay man ang kaniyang katawang
tulad sa patay na (gayon siya'y may mga isang daang taon
na), at ang pagkabaog ng bahay-bata ni Sara; 20 Kundi, sa

pagtingin niya sa pangako ng Dios, ay hindi nagalinlangan
sa pamamagitan ng di pananampalataya, kundi lumakas
ng lumakas sa pamamagitan ng pananampalataya, na
niluluwalhati ang Dios, 21 At lubos nanalig na ang Dios
na nangako ay may kapangyarihang makagawa noon. 22
Dahil dito'y ibinilang naman na katuwiran sa kaniya. 23
Ngayo'y hindi lamang dahil sa kaniya isinulat, na sa kaniya'y
ibinilang; 24 Kundi dahil din naman sa atin, na ibibilang sa
ating mga nagsisisampalataya sa kaniya na bumuhay na
maguli sa mga patay, kay Jesus na ating Panginoon, 25 Na
ibinigay dahil sa ating mga kasuwayan, at binuhay na maguli
sa ikaaaring-ganap natin.

**5** Yaman nga na mga inaaring-ganap sa pananampalataya,
mayroon tayong kapayapaan sa Dios sa pamamagitan
ng ating Panginoong Jesucristo; 2 Sa pamamagitan din
naman niya'y nangagkaroon tayo ng ating pagpasok sa
pamamagitan ng pananampalataya sa biyayang ito na diyan
ay nagsisilagi tayo; at nangagagalak tayo sa pagasa ng
kaluwalhatian ng Dios. 3 At hindi lamang gayon, kundi
naman nangagagalak tayo sa ating mga kapighatian na
nalalamang ang kapighatian ay gumagawa ng katiyagaan; 4
At ang katiyagaan, ng pagpapatunay; at ang pagpapatunay,
ng pagasa: 5 At ang pagasa ay hindi humihiya; sapagka't
ang pagibig ng Dios ay nabubuhos sa ating mga puso
sa pamamagitan ng Espiritu Santo na ibinigay sa atin. 6
Sapagka't nang tayo ay mahihina pa ay namatay si Cristo
sa kapanahunan dahil sa mga masama. 7 Sapagka't ang
isang tao'y bahagya nang mamatay dahil sa isang taong
matuwid: bagama't dahil sa isang taong mabuti marahil ay
may mangangahas mamatay. 8 Datapuwa't ipinagtatagubilin
ng Dios ang kaniyang pagibig sa atin, na nang tayo'y mga
makasalanan pa, si Cristo ay namatay dahil sa atin. 9
Lubha pa nga ngayong inaaring-ganap sa pamamagitan ng
kaniyang dugo, ay mangaliligtas tayo sa galit ng Dios sa
pamamagitan niya. 10 Sapagka't kung, noong tayo'y mga
kaaway ay pinakipagkasundo tayo sa Dios sa pamamagitan
ng kamatayan ng kaniyang Anak, lubha pa, ngayong
nangagkakasundo na, ay mangaliligtas tayo sa kaniyang
buhay; 11 At hindi lamang gayon, kundi tayo'y nangagagalak
naman sa Dios sa pamamagitan ng ating Panginoong
Jesucristo, na sa pamamagitan niya'y tinamo natin ngayon
ang pagkakasundo. 12 Kaya, kung paano na sa pamamagitan
ng isang tao ay pumasok ang kasalanan sa sanglibutan,
at ang kamataya'y sa pamamagitan ng kasalanan; at sa
ganito'y ang kamatayan ay naranasan ng lahat ng mga
tao, sapagka't ang lahat ay nangagkasala: 13 Sapagka't
ang kasalanan ay nasa sanglibutan hanggang sa dumating
ang kautusan: nguni't hindi ibinibilang ang kasalanan kung
walang kautusan. 14 Bagaman ang kamatayan ay naghari
mula kay Adam hanggang kay Moises, kahit doon sa hindi
nangagkasala man ng tulad sa pagsalangsang ni Adam,
na siyang anyo niyaong darating. 15 Datapuwa't gayon din
ang kaloob na walang bayad ay hindi gaya ng pagsuway.
Sapagka't kung sa pagsuway ng isa ay nangamatay ang
marami, lubha pang sumagana sa marami ang biyaya ng
Dios, at ang kaloob dahil sa biyaya ng isang lalaking si
Jesucristo. 16 At ang kaloob ay hindi gaya ng nangyari sa
pamamagitan ng isang nagkasala: sapagka't ang kahatulan
ay dumating sa isa sa ipagdurusa, datapuwa't ang kaloob
na walang bayad ay dumating sa maraming pagsuway
sa ikaaaring ganap. 17 Sapagka't kung, sa pagsuway ng
isa, ay naghari ang kamatayan sa pamamagitan ng isa;
lubha pang magsisipaghari sa buhay ang nagsisitanggap
ng kasaganaan ng biyaya at kaloob ng katuwiran sa
pamamagitan ng isa, sa makatuwid baga'y si Jesucristo. 18
Kaya kung paanong sa pamamagitan ng isang pagsuway
ay dumating ang hatol sa lahat ng mga tao sa ipagdurusa;
gayon din naman sa pamamagitan ng isang gawa ng
katuwiran, ang kaloob na walang bayad ay dumating sa
lahat ng mga tao sa ikaaaring-ganap ng buhay. 19 Sapagka't
kung paanong sa pamamagitan ng pagsuway ng isang tao
ang marami ay naging mga makasalanan, gayon din sa
pamamagitan ng pagtalima ng isa ang marami ay magiging
mga matuwid. 20 At bukod sa rito ay pumasok ang kautusan,
upang ang pagsuway ay makapanagana; datapuwa't kung
saan nanagana ang kasalanan, ay nanaganang lubha
ang biyaya: 21 Upang, kung paanong ang kasalanan ay
naghari sa ikamamatay, ay gayon din naman ang biyaya ay
makapaghahari sa pamamagitan ng katuwiran sa ikabubuhay
na walang hanggan sa pamamagitan ni Jesucristo na
Panginoon natin. **(aiōnios g166)**

**6** Ano nga ang ating sasabihin? Magpapatuloy baga tayo
sa pagkakasala upang ang biyaya ay makapanagana?
2 Huwag nawang mangyari. Tayong mga patay na sa
pagkakasala, paano nga tayong mabubuhay pa riyan? 3
O hindi baga ninyo nalalaman na tayong lahat na mga
nabautismuhan kay Cristo Jesus ay nangabautismuhan sa
kaniyang kamatayan? 4 Tayo nga'y nangalibing na kalakip
niya sa pamamagitan ng bautismo sa kamatayan: na kung
paanong si Cristo ay nabuhay na maguli sa mga patay sa
pamamagitan ng kaluwalhatian ng Ama, ay gayon din naman
tayo'y makalalakad sa panibagong buhay. 5 Sapagka't kung
tayo nga ay naging kalakip niya dahil sa kawangisan ng
kaniyang kamatayan, ay magkakagayon din naman tayo
dahil sa kawangisan ng kaniyang pagkabuhay na maguli;
6 Na nalalaman natin, na ang ating datihang pagkatao ay
kalakip niyang napako sa krus, upang ang katawang salarin
ay magiba, at nang sa gayo'y huwag na tayong maalipin pa

ng kasalanan; 7 Sapagka't ang namatay ay ligtas na sa
kasalanan. 8 Datapuwa't kung tayo'y nangamatay na kalakip
ni Cristo, ay naniniwala tayo na mangabubuhay naman
tayong kalakip niya; 9 Na nalalaman nating si Cristo na
nabuhay na maguli sa mga patay ay hindi na mamamatay;
ang kamataya'y hindi naghahari sa kaniya. 10 Sapagka't ang
kamatayan na ikinamatay niya, ay kaniyang ikinamatay na
minsan sa kasalanan: datapuwa't ang buhay na kaniyang
ikinabubuhay, ay kaniyang ikinabubuhay sa Dios. 11 Gayon
din naman kayo, ibilang ninyong kayo'y tunay na mga
patay na sa kasalanan, nguni't mga buhay sa Dios kay
Cristo Jesus. 12 Huwag ngang maghari ang kasalanan sa
inyong katawang may kamatayan, upang kayo'y magsisunod
sa kaniyang mga pita: 13 At huwag din naman ninyong
ihandog ang inyong mga sangkap sa kasalanan na pinaka
kasangkapan ng kalikuan; kundi ihandog ninyo ang inyong
sarili sa Dios, na tulad sa nangabuhay sa mga patay, at ang
inyong mga sangkap na pinaka kasangkapan ng katuwiran
sa Dios. 14 Sapagka't ang kasalanan ay hindi makapaghahari
sa inyo: sapagka't wala kayo sa ilalim ng kautusan, kundi sa
ilalim ng biyaya. 15 Ano nga? mangagkakasala baga tayo,
dahil sa tayo'y wala sa ilalim ng kautusan, kundi sa ilalim
ng biyaya? Huwag nawang mangyari. 16 Hindi baga ninyo
nalalaman, na kung kanino ninyo inihahandog ang inyong
mga sarili na pinaka alipin upang tumalima ay kayo'y mga
alipin niyaong inyong tinatalima; maging ng kasalanan sa
ikamamatay, maging ng pagtalima sa ikapagiging matuwid?
17 Datapuwa't salamat sa Dios, na, bagama't kayo'y naging
mga alipin ng kasalanan, kayo'y naging mga matalimahin
sa puso doon sa uri ng aral na pinagbigyan sa inyo; 18 At
yamang pinalaya kayo sa kasalanan ay naging mga alipin
kayo ng katuwiran. 19 Nagsasalita ako ayon sa kaugalian ng
mga tao dahil sa karupukan ng inyong laman: sapagka't
kung paanong inyong inihandog ang inyong mga sangkap
ng katawan na pinaka alipin ng karumihan at ng lalo't lalong
kasamaan, gayon din ihandog ninyo ngayon ang inyong
mga sangkap na pinaka alipin ng katuwiran sa ikababanal.
20 Sapagka't nang kayo ay mga alipin ng kasalanan, kayo'y
laya tungkol sa katuwiran. 21 Ano nga ang ibinunga ninyo
sa panahong yaon sa mga bagay na ngayo'y ikinahihiya
ninyo? sapagka't ang wakas ng mga bagay na yaon ay
kamatayan. 22 Datapuwa't ngayong mga laya na kayo sa
kasalanan at naging mga alipin ng Dios, kayo ay mayroong
inyong bunga sa ikababanal, at ang wakas ay ang buhay na
walang hanggan. **(aiōnios g166)** 23 Sapagka't ang kabayaran
ng kasalanan ay kamatayan; datapuwa't ang kaloob na
walang bayad ng Dios ay buhay na walang hanggan kay
Cristo Jesus na Panginoon natin. **(aiōnios g166)**

**7** O hindi baga ninyo nalalaman mga kapatid (sapagka't
nagsasalita ako sa mga taong nakakaalam ng kautusan),
na ang kautusan ay naghahari sa tao samantalang siya'y
nabubuhay? 2 Sapagka't ang babae na may asawa ay
itinali ng kautusan sa asawa samantalang ito ay nabubuhay;
datapuwa't kung ang asawa'y mamatay, ay kalag na sa
kautusan ng asawa. 3 Kaya nga kung, samantalang
nabubuhay ang asawa, siya'y makikisama sa ibang lalake,
siya'y tatawaging mangangalunya: datapuwa't kung mamatay
ang asawa, ay laya na siya sa kautusan, ano pa't siya'y
hindi na mangangalunya, bagaman siya'y makisama sa
ibang lalake. 4 Gayon din naman, mga kapatid ko, kayo'y
nangamatay rin sa kautusan sa pamamagitan ng katawan ni
Cristo; upang kayo'y makisama sa iba, sa makatuwid baga'y
doon sa nabuhay na maguli, upang tayo'y magsipagbunga
sa Dios. 5 Sapagka't nang tayo'y nangasa laman, ang mga
pitang salarin na pawang sa pamamagitan ng kautusan, ay
nagsigawa sa ating mga sangkap upang magsipagbunga
sa kamatayan. 6 Datapuwa't ngayon tayo'y nangaligtas sa
kautusan, yamang tayo'y nangamatay doon sa nakatatali
sa atin; ano pa't nagsisipaglingkod na tayo sa panibagong
espiritu, at hindi sa karatihan ng sulat. 7 Ano nga ang ating
sasabihin? Ang kautusan baga'y kasalanan? Huwag nawang
mangyari. Datapuwa't, hindi ko sana nakilala ang kasalanan,
kundi sa pamamagitan ng kautusan: sapagka't hindi ko sana
nakilala ang kasakiman, kung hindi sinasabi ng kautusan,
Huwag kang mananakim: 8 Datapuwa't ang kasalanan,
nang makasumpong ng pagkakataon, ay gumawa sa akin sa
pamamagitan ng utos ng sarisaring kasakiman: sapagka't
kung walang kautusan ang kasalanan ay patay. 9 At nang
isang panahon ako'y nabubuhay na walang kautusan:
datapuwa't nang dumating ang utos, ay muling nabuhay ang
kasalanan at ako'y namatay; 10 At ang utos na sa ikabubuhay,
ay nasumpungan kong ito'y sa ikamamatay; 11 Sapagka't
ang kasalanan, nang makasumpong ng pagkakataon, ay
dinaya ako sa pamamagitan ng utos, at sa pamamagitan nito
ay pinatay ako. 12 Kaya nga ang kautusan ay banal, at ang
utos ay banal, at matuwid, at mabuti. 13 Ang mabuti nga baga
ay naging kamatayan sa akin? Huwag nawang mangyari.
Kundi ang kasalanan, upang maipakilalang kasalanan, sa
pamamagitan ng mabuti ay gumawa sa akin ng kamatayan;
na sa pamamagitan ng utos ang kasalanan ay maging
lalong sala. 14 Sapagka't nalalaman natin na ang kautusa'y
sa espiritu: nguni't ako'y sa laman, na ipinagbili sa ilalim
ng kasalanan. 15 Sapagka't ang ginagawa ko'y hindi ko
nalalaman: sapagka't ang hindi ko ibig, ang ginagawa ko;
datapuwa't ang kinapopootan ko, yaon ang ginagawa ko.
16 Nguni't kung ang hindi ko ibig, ang siyang ginagawa
ko, ay sumasangayon ako na mabuti ang kautusan. 17

Kaya ngayo'y hindi ako ang gumagawa nito, kundi ang
kasalanang tumitira sa akin. 18 Sapagka't nalalaman ko
na sa akin, sa makatuwid ay sa aking laman, ay hindi
tumitira ang anomang bagay na mabuti: sapagka't ang
pagnanasa ay nasa akin, datapuwa't ang paggawa ng
mabuti ay wala. 19 Sapagka't ang mabuti na aking ibig, ay
hindi ko ginagawa: nguni't ang masama na hindi ko ibig, ay
siya kong ginagawa. 20 Datapuwa't kung ang hindi ko ibig,
ang siya kong ginagawa, ay hindi na ako ang gumagawa
nito, kundi ang kasalanang tumitira sa akin. 21 Kaya nga
nasumpungan ko ang isang kautusan na, kung ibig kong
gumawa ng mabuti, ang masama ay nasa akin. 22 Sapagka't
ako'y nagagalak sa kautusan ng Dios ayon sa pagkataong
loob: 23 Datapuwa't nakikita ko ang ibang kautusan sa
aking mga sangkap na nakikipagbaka laban sa kautusan
ng aking pagiisip, at dinadala akong bihag sa ilalim ng
kautusan ng kasalanan na nasa aking mga sangkap. 24
Abang tao ako! sino ang magliligtas sa akin sa katawan
nitong kamatayan? 25 Nagpapasalamat ako sa Dios sa
pamamagitan ni Jesucristo na Panginoon natin. Kaya nga
tunay kong ipinaglilingkod ang aking pagiisip, sa kautusan ng
Dios; datapuwa't ang laman ay sa kautusan ng kasalanan.

**8** Ngayon nga'y wala nang anomang hatol sa mga na kay
Cristo Jesus. 2 Sapagka't ang kautusan ng Espiritu ng
buhay na kay Cristo Jesus ay pinalaya ako sa kautusan ng
kasalanan at ng kamatayan. 3 Sapagka't ang hindi magawa
ng kautusan, na mahina sa pamamagitan ng laman, sa
pagsusugo ng Dios sa kaniyang sariling Anak na naganyong
lamang salarin at dahil sa kasalanan, ay hinatulan ng
Dios sa laman ang kasalanan: 4 Upang ang kahilingan
ng kautusan ay matupad sa atin, na hindi nangagsisilakad
ayon sa laman, kundi ayon sa Espiritu. 5 Sapagka't ang
mga ayon sa laman ay nangagsisitalima sa mga bagay ng
laman; datapuwa't ang mga ayon sa Espiritu ay sa mga
bagay ng Espiritu. 6 Sapagka't ang kaisipan ng laman ay
kamatayan; datapuwa't ang kaisipan ng Espiritu ay buhay
at kapayapaan. 7 Sapagka't ang kaisipan ng laman ay
pakikipagalit laban sa Dios; sapagka't hindi napasasaklaw
sa kautusan ng Dios, ni hindi nga maaari: 8 At ang nangasa
laman ay hindi makalulugod sa Dios. 9 Datapuwa't kayo'y
wala sa laman kundi nasa sa Espiritu, kung gayo'y tumitira
sa inyo ang Espiritu ng Dios. Datapuwa't kung ang sinoma'y
walang Espiritu ni Cristo, siya'y hindi sa kaniya. 10 At kung
si Cristo ay nasa sa inyo, ang katawan ay patay dahil
sa kasalanan; datapuwa't ang espiritu ay buhay dahil sa
katuwiran. 11 Nguni't kung ang Espiritu niyaong bumuhay
na maguli kay Jesus ay tumira sa inyo, ang bumuhay
na maguli kay Cristo Jesus sa mga patay ay magbibigay
buhay naman sa inyong mga katawang may kamatayan,
sa pamamagitan ng kaniyang Espiritu na tumitira sa inyo.
12 Kaya nga, mga kapatid, mga may utang tayo, hindi sa
laman, upang mabuhay ayon sa laman: 13 Sapagka't kung
mangabuhay kayo ng ayon sa laman, ay mangamamatay
kayo; datapuwa't kung sa pamamagitan ng Espiritu ay
pinapatay ninyo ang mga gawa ng laman, ay mangabubuhay
kayo. 14 Sapagka't ang lahat ng mga pinapatnubayan ng
Espiritu ng Dios, ay sila ang mga anak ng Dios. 15 Sapagka't
hindi ninyo muling tinanggap ang espiritu ng pagkaalipin
sa ikatatakot; datapuwa't tinanggap ninyo ang espiritu ng
pagkukupkop, na dahil dito'y sumisigaw tayo, Abba, Ama.
16 Ang Espiritu rin ang nagpapatotoo kasama ng ating
espiritu, na tayo'y mga anak ng Dios: 17 At kung mga
anak, ay mga tagapagmana nga; mga tagapagmana sa
Dios, at mga kasamang tagapagmana ni Cristo; kung gayon
nga makipagtiis tayo sa kaniya, upang tayo'y lumuwalhati
namang kasama niya. 18 Sapagka't napatutunayan ko na
ang pagtitiis sa panahong ito'y hindi karapatdapat maitumbas
sa kaluwalhatiang mahahayag sa atin. 19 Sapagka't ang
maningas na pagmimithi ng buong nilalang ay naghihintay
ng pagkahayag ng mga anak ng Dios. 20 Sapagka't ang
buong nilalang ay nasakop ng kawalang kabuluhan, hindi sa
kaniyang kalooban, kundi dahil doon sa sumakop sa kaniya,
sa pagasa 21 Na ang buong nilalang naman ay magiging laya
mula sa pagkaalipin ng kabulukan sa kalayaang maluwalhati
ng mga anak ng Dios. 22 Sapagka't nalalaman natin na
ang buong nilalang ay humihibik at nagdaramdam na may
kahirapan na kasama natin hanggang ngayon. 23 At hindi
lamang gayon, kundi pati naman tayo na mayroong mga
pangunahing bunga ng Espiritu, sa makatuwid baga'y tayo
nama'y nangagsisihibik din sa ating sarili, sa paghihintay ng
pagkukupkop, na dili iba't, ang pagtubos sa ating katawan. 24
Sapagka't tayo'y iniligtas sa pagasa: datapuwa't ang pagasa
na nakikita ay hindi pagasa: kaya't sino nga ang umaasa sa
nakikita? 25 Datapuwa't kung nagsisiasa tayo sa hindi natin
nakikita, kung magkagayo'y hinihintay nating may pagtitiis.
26 At gayon din naman ang Espiritu ay tumutulong sa ating
kahinaan: sapagka't hindi tayo marunong manalangin ng
nararapat; nguni't ang Espiritu rin ang namamagitan dahil sa
atin ng mga hibik na hindi maisasaysay sa pananalita; 27 At
ang nakasisiyasat ng mga puso'y nakakaalam kung ano
ang kaisipan ng Espiritu, sapagka't siya ang namamagitan
dahil sa mga banal alinsunod sa kalooban ng Dios. 28 At
nalalaman natin na ang lahat ng mga bagay ay nagkakalakip
na gumagawa sa ikabubuti ng mga nagsisiibig sa Dios,
sa makatuwid baga'y niyaong mga tinawag alinsunod sa
kaniyang nasa. 29 Sapagka't yaong mga nang una pa'y
kaniyang nakilala, ay itinalaga naman niya na maging katulad
ng larawan ng kaniyang Anak, upang siya ang maging

panganay sa maraming magkakapatid: 30 At yaong mga
itinalaga niya, ay kaniyang tinawag naman: at ang mga
tinawag ay inaring-ganap naman niya: at ang mga inaring-
ganap ay niluwalhati din naman niya. 31 Ano ang ating
sasabihin sa mga bagay na ito? Kung ang Dios ay kakampi
natin, sino ang laban sa atin? 32 Siya, na hindi ipinagkait
ang kaniyang sariling anak kundi ibinigay dahil sa ating
lahat, bakit hindi naman ibibigay sa atin ng walang bayad
ang lahat ng mga bagay? 33 Sino ang magsasakdal ng
anoman laban sa mga hirang ng Dios? Ang Dios ay ang
umaaring-ganap; 34 Sino ang hahatol? Si Cristo Jesus na
namatay, oo, yaong nabuhay na maguli sa mga patay na
siyang nasa kanan ng Dios, na siya namang namamagitan
dahil sa atin. 35 Sino ang maghihiwalay sa atin sa pagibig ni
Cristo? ang kapighatian, o ang kahapisan, o ang paguusig,
o ang kagutum, o ang kahubaran, o ang panganib, o ang
tabak? 36 Gaya ng nasusulat, Dahil sa iyo kami'y pinapatay
sa buong araw; Kami ay nabilang na parang mga tupa sa
patayan. 37 Hindi, kundi sa lahat ng mga bagay na ito
tayo'y higit pa sa mga mapagtagumpay sa pamamagitan
niyaong sa atin ay umibig. 38 Sapagka't ako'y naniniwalang
lubos, na kahit ang kamatayan man, kahit ang buhay, kahit
ang mga anghel, kahit ang mga pamunuan, kahit ang mga
bagay na kasalukuyan, kahit ang mga bagay na darating,
kahit ang mga kapangyarihan, 39 Kahit ang kataasan, kahit
ang kababaan, kahit ang alin mang ibang nilalang, ay hindi
makapaghihiwalay sa atin sa pagibig ng Dios, na nasa kay
Cristo Jesus na Panginoon natin.

**9** Sinasabi ko ang katotohanang na kay Cristo, na hindi
ako nagsisinungaling, na ako'y sinasaksihan ng aking
budhi sa Espiritu Santo, 2 Na mayroon akong malaking
kalungkutan at walang tigil na karamdaman sa aking puso.
3 Sapagka't ako'y makapagnanasa na ako man ay itakuwil
mula kay Cristo dahil sa aking mga kapatid, na aking mga
kamaganak ayon sa laman. 4 Na pawang mga Israelita;
na sa kanila ang pagkukupkop, at ang kaluwalhatian, at
ang mga tipan, at ang pagbibigay ng kautusan, at ang
paglilingkod sa Dios, at ang mga kapangakuan; 5 Na sa
kanila ang mga magulang, at sa kanila mula ang Cristo
ayon sa laman, na siyang lalo sa lahat, Dios na maluwalhati
magpakailan man. Siya nawa. (aiōn g165) 6 Datapuwa't hindi
sa ang salita ng Dios ay nauwi sa wala. Sapagka't hindi ang
lahat ng buhat sa Israel ay mga taga Israel: 7 Ni sapagka't
sila'y binhi ni Abraham, ay mga anak na silang lahat: kundi,
Kay Isaac tatawagin ang iyong binhi. 8 Sa makatuwid, ay
hindi mga anak sa laman ang mga anak ng Dios: kundi ang
mga anak sa pangako'y siyang ibibilang na isang binhi. 9
Sapagka't ito ang salita ng pangako, Ayon sa panahong
ito'y paririto ako, at magkakaroon si Sara ng isang anak na
lalake. 10 At hindi lamang gayon; kundi nang maipaglihi
na ni Rebeca sa pamamagitan ng isa, ito nga'y ng ating
ama na si Isaac- 11 Sapagka't ang mga anak nang hindi
pa ipinanganganak, at hindi pa nagsisigawa ng anomang
mabuti o masama, upang ang layon ng Dios ay mamalagi
alinsunod sa pagkahirang, na hindi sa mga gawa, kundi
doon sa tumatawag, 12 Ay sinabi sa kaniya, Ang panganay
ay maglilingkod sa bunso. 13 Gaya ng nasusulat, Si Jacob
ay inibig ko, datapuwa't si Esau ay aking kinapootan. 14 Ano
nga ang ating sasabihin? Mayroon baga kayang kalikuan
sa Dios? Huwag nawang mangyari. 15 Sapagka't sinasabi
niya kay Moises, Ako'y maaawa sa aking kinaaawaan, at
ako'y mahahabag sa aking kinahahabagan. 16 Kaya nga
hindi sa may ibig, ni hindi sa tumatakbo, kundi sa Dios na
naaawa. 17 Sapagka't sinasabi ng kasulatan tungkol kay
Faraon, Dahil sa layong ito, ay itinaas kita, upang aking
maihayag sa pamamagitan mo ang aking kapangyarihan, at
upang ang aking pangala'y maitanyag sa buong lupa. 18
Kaya nga sa kaniyang ibig siya'y naaawa, at sa kaniyang
ibig siya'y nagpapatigas. 19 Sasabihin mo nga sa akin,
Bakit humahanap pa siya ng kamalian? Sapagka't sino ang
sumasalangsang sa kaniyang kalooban? 20 Nguni't, Oh tao,
sino kang tumututol sa Dios? Sasabihin baga ng bagay na
ginawa doon sa gumawa sa kaniya, Bakit mo ako ginawang
ganito? 21 O wala bagang kapangyarihan sa putik ang
magpapalyok, upang gawin sa isa lamang limpak ang isang
sisidlan sa ikapupuri, at ang isa'y sa ikahihiya. 22 Ano kung
ang Dios ay inibig na ihayag ang kaniyang kagalitan, at
ipakilala ang kaniyang kapangyarihan, ay nagtiis ng malaking
pagpapahinuhod sa mga sisidlan ng galit na nangahahanda
na sa pagkasira: 23 At upang maipakilala ang kayamanan ng
kaniyang kaluwalhatian sa mga sisidlan ng awa, na kaniyang
inihanda nang una pa sa kaluwalhatian, 24 Maging sa atin
na kaniya namang tinawag, hindi lamang mula sa mga
Judio, kundi naman mula sa mga Gentil? 25 Gaya naman ng
sinasabi niya sa aklat ni Oseas, Tatawagin kong aking bayan
na hindi ko dating bayan; At iniibig, na hindi dating iniibig. 26
At mangyayari, na sa dakong pinagsabihan sa kanila, kayo'y
hindi ko bayan, Ay diyan sila tatawaging mga anak ng Dios
na buhay. 27 At si Isaias ay sumisigaw tungkol sa Israel,
Kung ang bilang man ng mga anak ng Israel ay maging tulad
sa buhangin sa dagat, ay ang nalalabi lamang ang maliligtas:
28 Sapagka't isasagawa ng Panginoon ang kaniyang salita
sa lupa, na tatapusin at paiikliin. 29 At gaya ng sinabi nang
una ni Isaias, Kung hindi nagiwan sa atin ng isang binhi ang
Panginoon ng mga hukbo, Tayo'y naging katulad sana ng
Sodoma, at naging gaya ng Gomorra. 30 Ano nga ang ating
sasabihin? Na ang mga Gentil, na hindi nangagsisisunod sa
katuwiran, ay nagkamit ng katuwiran, sa makatuwid baga'y

ng katuwiran sa pananampalataya: 31 Datapuwa't ang Israel
sa pagsunod sa kautusan ng katuwiran, ay hindi umabot sa
kautusang iyan. 32 Bakit? Sapagka't hindi nila hinanap sa
pamamagitan ng pananampalataya, kundi ng ayon sa mga
gawa. Sila'y nangatisod sa batong katitisuran; 33 Gaya ng
nasusulat, Narito, inilalagay ko sa Sion ang isang batong
katitisuran, at batong pangbuwal: At ang sumasampalataya
sa kaniya'y hindi mapapahiya.

**10** Mga kapatid, ang nais ng aking puso at ang aking
panalangin sa Dios ay patungkol sa kanila, upang
sila'y mangaligtas. 2 Sapagka't sila'y pinatotohanan ko na
may mga pagmamalasakit sa Dios, datapuwa't hindi ayon
sa pagkakilala. 3 Sapagka't sa hindi nila pagkaalam ng
katuwiran ng Dios, at sa pagsusumakit na maitayo ang
sariling kanila, ay hindi sila napasakop sa katuwiran ng
Dios. 4 Sapagka't si Cristo ang kinauuwian ng kautusan sa
ikatutuwid ng bawa't sumasampalataya. 5 Sapagka't isinulat
ni Moises na ang tao na gumagawa ng katuwirang ayon sa
kautusan ay mabubuhay dahil dito. 6 Datapuwa't sinasabi
ng katuwiran ayon sa pananampalataya ang ganito, Huwag
mong sabihin sa iyong puso, Sino ang aakyat sa langit?
(sa makatuwid baga'y upang ibaba si Cristo: ) 7 O, Sino
ang mananaog sa kalalimlaliman? (sa makatuwid baga'y
upang iakyat si Cristo mula sa mga patay.) **(Abyssos g12)** 8
Datapuwa't ano ang sinasabi nito? Ang salita ay malapit sa
iyo, sa iyong bibig, at sa iyong puso: sa makatuwid baga'y
ang salita ng pananampalataya na aming ipinangangaral:
9 Sapagka't kung ipahahayag mo ng iyong bibig si Jesus
na Panginoon, at sasampalataya ka sa iyong puso na
binuhay siyang maguli ng Dios sa mga patay ay maliligtas
ka: 10 Sapagka't ang tao'y nanampalataya ng puso sa
ikatutuwid; at ginagawa sa pamamagitan ng bibig ang
pagpapahayag sa ikaliligtas. 11 Sapagka't sinasabi ng
kasulatan, Ang lahat na sa kaniya'y nagsisisampalataya ay
hindi mapapahiya. 12 Sapagka't walang pagkakaiba ang
Judio at ang Griego: sapagka't ang Panginoon din ay siyang
Panginoon ng lahat, at mayaman siya sa lahat ng sa kaniya'y
nagsisitawag: 13 Sapagka't, Ang lahat na nagsisitawag sa
pangalan ng Panginoon ay mangaliligtas. 14 Paano nga
silang magsisitawag doon sa hindi nila sinampalatayanan?
at paano silang magsisisampalataya sa kaniya na hindi
nila napakinggan? at paano silang mangakikinig na walang
tagapangaral? 15 At paano silang magsisipangaral, kung
hindi sila nga sinugo? gaya nga ng nasusulat, Anong
pagkaganda ng mga paa niyaong mga nagdadala ng
masasayang balita ng mga bagay na mabuti! 16 Datapuwa't
hindi silang lahat ay nakinig ng masasayang balita. Sapagka't
sinasabi ni Isaias, Panginoon, sino ang naniwala sa aming
balita? 17 Kaya nga ang paniniwala'y nanggagaling sa
pakikinig, at ang pakikinig ay sa pamamagitan ng salita
ni Cristo. 18 Datapuwa't sinasabi ko, Hindi baga sila'y
nangakinig? Oo, tunay nga, Ang tinig nila ay kumalat sa
buong lupa, At ang kanilang mga salita'y hanggang sa
mga dulo ng sanglibutan. 19 Datapuwa't sinasabi ko, Hindi
baga nalalaman ng Israel? Unauna'y sinasabi ni Moises,
Ipamumungkahi ko kayo sa paninibugho sa pamamagitan
niyaong hindi bansa, Sa pamamagitan ng isang bansang
mangmang ay gagalitin ko kayo. 20 At si Isaias ay buong
tapang na nagsasabi, Ako'y nasumpungan nilang mga hindi
nagsisihanap sa akin; Nahayag ako sa kanilang mga hindi
nagsisipagtanong tungkol sa akin. 21 Datapuwa't tungkol sa
Israel ay sinasabi niya, Sa buong araw ay iniunat ko ang
aking mga kamay sa isang bayang suwail at matutol.

**11** Sinasabi ko nga, Itinakuwil baga ng Dios ang kaniyang
bayan? Huwag nawang mangyari. Sapagka't ako man
ay Israelita, sa binhi ni Abraham, sa angkan ni Benjamin.
2 Hindi itinakuwil ng Dios ang kaniyang bayan na nang
una pa'y kinilala niya. O hindi baga ninyo nalalaman ang
sinasabi ng kasulatan tungkol kay Elias? kung paanong
namamagitan siya sa Dios laban sa Israel na sinabi: 3
Panginoon, pinatay nila ang iyong mga propeta, giniba
nila ang iyong mga dambana; at ako'y naiwang nagiisa, at
hinahanap nila ang aking buhay. 4 Datapuwa't ano ang
sinasabi ng kasagutan ng Dios sa kaniya? Nagtira ako sa
akin ng pitong libong lalake na hindi nangagsiluhod kay Baal.
5 Gayon din nga sa panahong itong kasalukuyan ay may
isang nalalabi ayon sa pagkahirang ng biyaya. 6 Nguni't kung
ito'y sa pamamagitan ng biyaya, ay hindi na sa mga gawa:
sa ibang paraan ang biyaya ay hindi biyaya. 7 Ano nga? Ang
hinahanap ng Israel ay hindi niya kinamtan; datapuwa't ito'y
kinamtan ng pagkahirang, at ang mga iba'y pinapagmatigas:
8 Ayon sa nasusulat, Binigyan sila ng Dios ng Espiritu ng
pagkakatulog, ng mga matang hindi nangakakakita, at ng
mga pakinig na hindi nangakakarinig, hanggang sa araw
na ito. 9 At sinasabi ni David, Ang kanilang dulang nawa'y
maging isang silo, at isang panghuli, At isang katitisuran,
at isang kabayaran sa kanila: 10 Manganglabo nawa ang
kanilang mga mata, upang sila'y huwag mangakakita, At
laging baluktutin mo nawa ang kanilang gulugod. 11 Sinasabi
ko nga, Nangatisod kaya sila upang mangahulog? Huwag
nawang mangyari: datapuwa't sa pagkahulog nila'y dumating
ang pagkaligtas sa mga Gentil, upang ipamungkahi sila
sa paninibugho. 12 Ngayon kung ang pagkahulog nga nila
ay siyang kayamanan ng sanglibutan, at ang pagkalugi
nila ay siyang kayamanan ng mga Gentil; gaano pa ang
kapunuan nila? 13 Datapuwa't nagsasalita ako sa inyong
mga Gentil. Palibasa'y ako nga'y apostol ng mga Gentil, ay
niluluwalhati ko ang aking ministerio; 14 Baka sa anomang

paraan ay maipamungkahi ko sa paninibugho yaong aking
mga kalaman, at maligtas ang ilan sa kanila. 15 Sapagka't
kung ang pagkatakuwil sa kanila ay siyang pakikipagkasundo
ng sanglibutan, ano kaya ang pagtanggap sa kanila, kundi
buhay mula sa mga patay? 16 At kung ang pangunahing
bunga ay banal, ay gayon din ang lahat: at kung ang ugat
ay banal, ay gayon din ang mga sanga. 17 Datapuwa't
kung ang ilang mga sanga'y nangabali, at ikaw, na isang
olibong ligaw ay isinanib ka sa kanila, at ikaw ay naging
kabahagi nila sa ugat ng katabaan ng punong olibo; 18
Huwag kang magpalalo sa mga sanga: datapuwa't kung
magpalalo ka, ay hindi ikaw ang nagkakandili sa ugat, kundi
ang ugat ang nagkakandili sa iyo. 19 Sasabihin mo nga,
Ang mga sanga ay nangabali upang ako ay makasanib. 20
Mabuti; sa kawalan nila ng pananampalataya ay nangabali
sila, at sa iyong pananampalataya'y nakatayo ka. Huwag
kang magpalalo kundi matakot ka: 21 Sapagka't kung
hindi nga pinatawad ng Dios ang mga talagang sanga,
ikaw man ay hindi patatawarin. 22 Masdan mo nga ang
kabutihan at ang kabagsikan ng Dios: ang kabagsikan
ay sa nangahulog, datapuwa't ang kabutihan ng Dios
ay sa iyo, kung mamamalagi ka sa kaniyang kabutihan:
sa ibang paraan ay ikaw man ay puputulin. 23 At sila
naman, kung hindi mangagsisilagi sa di pananampalataya
ay mangakakasanib: sapagka't makapangyarihan ang Dios
upang sila'y isanib na muli. 24 Sapagka't kung ikaw ay
pinutol doon sa talagang olibong ligaw, at laban sa kaugalian
ay isinanib ka sa mabuting punong olibo; gaano pa nga
ang mga ito, na mga talagang sanga, na mangakakasanib
sa kanilang sariling punong olibo? 25 Sapagka't hindi ko
ibig, mga kapatid, na di ninyo maalaman ang hiwagang
ito, baka kayo'y mangagmarunong sa inyong sariling mga
haka, na ang katigasan ng isang bahagi ay nangyari sa
Israel, hanggang sa pumasok ang kapunuan ng mga Gentil;
26 At sa ganito'y ang buong Israel ay maliligtas: gaya ng
nasusulat, Magbubuhat sa Sion ang Tagapagligtas; Siya ang
maghihiwalay sa Jacob ng kalikuan: 27 At ito ang aking tipan
sa kanila, Pagka aalisin ko ang kanilang mga kasalanan. 28
Tungkol sa evangelio, ay mga kaaway sila dahil sa inyo:
datapuwa't tungkol sa pagkahirang, ay mga pinakaiibig sila
dahil sa mga magulang. 29 Sapagka't ang mga kaloob at ang
pagtawag ng Dios ay hindi nagbabago. 30 Sapagka't kung
paanong kayo nang nakaraang panahon ay mga masuwayin
sa Dios, datapuwa't ngayon kayo'y nangagkamit ng habag sa
pamamagitan ng kanilang pagsuway, 31 Gayon din naman
ang mga ito ay naging mga masuwayin ngayon, upang sa
pamamagitan ng habag na ipinagkaloob sa inyo, sila nama'y
magkamit ngayon ng habag. 32 Sapagka't ang lahat ay
kinulong ng Dios sa kasuwayan, upang siya'y mahabag sa
lahat. **(eleēsē g1653)** 33 Oh kalaliman ng mga kayamanan ng
karunungan at ng kaalaman ng Dios! oh di matingkalang
mga hatol niya, at hindi malirip na kaniyang mga daan! 34
Sapagka't sino ang nakaalam ng pagiisip ng Panginoon?
o sino ang kaniyang naging kasangguni? 35 O sino ang
nagbigay na una sa kaniya, at siya'y babayarang muli? 36
Sapagka't kaniya, at sa pamamagitan niya, at sa kaniya, ang
lahat ng mga bagay. Sumakaniya nawa ang kaluwalhatian
magpakailan man. Siya nawa. **(aiōn g165)**

**12** Kaya nga, mga kapatid, ipinamamanhik ko sa inyo,
alangalang sa mga kahabagan ng Dios, na inyong
iharap ang inyong mga katawan na isang haing buhay,
banal, na kaayaaya sa Dios, na siya ninyong katampatang
pagsamba. 2 At huwag kayong magsiayon sa sanglibutang
ito: kundi magiba kayo sa pamamagitan ng pagbabago
ng inyong pagiisip, upang mapatunayan ninyo kung alin
ang mabuti at kaayaaya at lubos na kalooban ng Dios.
**(aiōn g165)** 3 Sapagka't sinasabi ko, sa pamamagitan ng
biyaya na sa akin ay ibinigay, sa bawa't tao sa inyo, na
huwag magisip sa kaniyang sarili ng totoong matayog kay sa
nararapat niyang isipin; kundi magisip na may kahinahunan,
ayon sa kasukatan ng pananampalataya na ibinahagi ng
Dios sa bawa't isa. 4 Sapagka't kung paanong sa isang
katawan ay mayroong tayong maraming mga sangkap, at
ang lahat ng mga sangkap ay hindi pareho ang gawain:
5 Ay gayon din tayo, na marami, ay iisang katawan kay
Cristo, at mga sangkap na samasama sa isa't isa. 6 At
yamang may mga kaloob na nagkakaibaiba ayon sa biyaya
na ibinigay sa atin, kung hula, ay manganghula tayo ayon sa
kasukatan ng ating pananampalataya; 7 O kung ministerio,
ay gamitin natin ang ating sarili sa ating ministerio; o ang
nagtuturo, ay sa kaniyang pagtuturo; 8 O ang umaaral,
ay sa kaniyang pagaral: ang namimigay, ay magbigay
na may magandang-loob; ang nagpupuno, ay magsikap;
ang nahahabag ay magsaya. 9 Ang pagibig ay maging
walang pagpapaimbabaw. Kapootan ninyo ang masama;
makisanib kayo sa mabuti. 10 Sa pagibig sa mga kapatid ay
mangagmahalan kayo; sa kapurihan ay ipagpauna ng isa't isa
ang iba; 11 Huwag mga tamad sa pagsusumikap; maningas
sa espiritu; mapaglingkod sa Panginoon; 12 Mangagalak
sa pagasa; magmatiisin sa kapighatian; magmatiyagain sa
pananalangin; 13 Mapagdamay sa mga kailangan ng mga
banal; maging mapagpatuloy. 14 Pagpalain ninyo ang mga
sa inyo'y nagsisiusig; pagpalain ninyo, at huwag ninyong
sumpain. 15 Makigalak kayo sa nangagagalak; makiiyak
kayo sa nagsisiiyak. 16 Mangagkaisa kayo ng pagiisip.
Huwag ninyong ilagak ang inyong pagiisip sa mga bagay na
kapalaluan, kundi makiayon kayo sa mga bagay na may
kapakumbabaan. Huwag kayong mga pantas sa inyong

sariling mga haka. 17 Huwag kayong mangagbayad sa
kanino man ng masama sa masama. Isipin ninyo ang mga
bagay na kapuripuri sa harapan ng lahat ng mga tao. 18
Kung maaari, ayon sa inyong makakaya, ay magkaroon
kayo ng kapayapaan sa lahat ng mga tao. 19 Huwag
kayong mangaghigantihan, mga iniibig, kundi bigyan ninyong
daan ang galit ng Dios: sapagka't nasusulat, Akin ang
paghihiganti; ako ang gaganti, sabi ng Panginoon. 20 Kaya't
kung ang iyong kaaway ay magutom, pakanin mo; kung
siya'y mauhaw, painumin mo: sapagka't sa paggawa mo ng
gayon ay mga baga ng apoy ang ibubunton mo sa kaniyang
ulo. 21 Huwag kang padaig sa masama, kundi bagkus daigin
mo ng mabuti ang masama.

**13** Ang bawa't kaluluwa ay pasakop sa matataas na
kapangyarihan: sapagka't walang kapangyarihan na
hindi mula sa Dios; at ang mga kapangyarihang yao'y
hinirang ng Dios. 2 Kaya nga't ang sumasalangsang sa
kapangyarihan, ay sa utos ng Dios sumasalangsang: at
ang mga nagsisalangsang ay magsisitanggap ng kahatulan
sa kanilang sarili. 3 Sapagka't ang mga pinuno ay hindi
kilabot sa gawang mabuti, kundi sa masama. At ibig mo
bagang mawalaan ng takot sa may kapangyarihan? gawin
mo ang mabuti, at magkakamit ka ng kapurihan sa kaniya:
4 Sapagka't siya'y ministro ng Dios sa ikagagaling mo.
Datapuwa't kung ginagawa mo ang masama, ay matakot ka;
sapagka't hindi walang kabuluhan ang pagdadala niya ng
tabak: sapagka't siya'y ministro ng Dios, tagapaghiganti sa
ikagagalit sa gumagawa ng masama. 5 Kaya nga't dapat na
kayo'y pasakop, hindi lamang dahil sa kagalitan, kundi naman
dahil sa budhi. 6 Sapagka't dahil dito ay nagsisipagbayad
naman kayo ng buwis; sapagka't sila'y mga tagapangasiwa
ng paglilingkod sa Dios, na nagsisipamahalang walang
patid sa bagay na ito. 7 Ibigay ninyo sa lahat ang sa
kanila'y nararapat: buwis sa dapat buwisan; ambag sa dapat
ambagan; takot sa dapat katakutan; puri sa dapat papurihan.
8 Huwag kayong magkautang ng ano pa man sa kanino man,
maliban na sa mangagibigan kayo: sapagka't ang umiibig sa
kaniyang kapuwa'y nakaganap na ng kautusan. 9 Sapagka't
ito, Huwag kang mangangalunya, Huwag kang papatay,
Huwag kang magnanakaw, Huwag kang mananakim, at
kung mayroon pang ibang utos, ay nauuwi sa salitang ito,
sa makatuwid baga'y Ibigin mo ang iyong kapuwa na gaya
ng sa iyong sarili. 10 Ang pagibig ay hindi gumagawa ng
masama sa kaniyang kapuwa: ang pagibig nga ay siyang
katuparan ng kautusan. 11 At ito, yamang nakikilala ang
panahon, na ngayo'y kapanahunan nang magsigising kayo
sa pagkakatulog: sapagka't ngayon ay lalong malapit na sa
atin ang kaligtasan kay sa nang tayo'y magsisampalataya
nang una. 12 Ang gabi ay totoong malalim, at ang araw ay
malapit na: iwaksi nga natin ang mga gawa ng kadiliman,
at ating isakbat ang mga sandata ng kaliwanagan. 13
Magsilakad tayong mahinhin, gaya ng sa araw; huwag
sa katakawan at paglalasing, huwag sa kalibugan at sa
kahalayan, huwag sa mga pagkakaalit at pagkakainggitan.
14 Kundi bagkus isakbat ninyo ang Panginoong Jesucristo,
at huwag ninyong paglaanan ang laman, upang masunod
ang mga kahalayan noon.

**14** Datapuwa't ang mahina sa pananampalataya ay
tanggapin ninyo, hindi upang pagtalunan ang kaniyang
pagaalinlangan. 2 May tao na may pananampalataya na
makakain ang lahat ng mga bagay: nguni't ang mahina'y
kumakain ng mga gulay. 3 Ang kumakain ay huwag
magwalang halaga sa hindi kumakain; at ang hindi kumakain
ay huwag humatol sa kumakain: sapagka't siya'y tinanggap
ng Dios. 4 Sino kang humahatol sa alila ng iba? Sa kaniyang
sariling panginoon ay natatayo siya o nabubuwal. Oo,
patatayuin siya; sapagka't makapangyarihan ang Panginoon
na siya'y maitayo. 5 May nagmamahal sa isang araw ng
higit kay sa iba: may ibang nagmamahal sa bawa't araw.
Bawa't isa'y magtibay sa kaniyang sariling pagiisip. 6 Ang
nagmamahal sa araw, ay minamahal ito sa Panginoon;
at ang kumakain, ay kumakain sa Panginoon, sapagka't
siya'y nagpapasalamat sa Dios; at ang hindi kumakain, ay
hindi kumakain sa Panginoon, at nagpapasalamat sa Dios.
7 Sapagka't ang sinoman sa atin ay hindi nabubuhay sa
kaniyang sarili, at sinoman ay hindi namamatay sa kaniyang
sarili. 8 Sapagka't kung nangabubuhay tayo, sa Panginoon
tayo'y nangabubuhay; o kung nangamamatay tayo, sa
Panginoon tayo'y nangamamatay: kaya't sa mabuhay tayo,
o sa mamatay man, tayo'y sa Panginoon. 9 Sapagka't dahil
dito ay namatay si Cristo at nabuhay na maguli, upang
siya'y maging Panginoon ng mga patay at gayon din ng mga
buhay. 10 Datapuwa't ikaw, bakit humahatol ka sa iyong
kapatid? at ikaw naman, bakit pinawalaang halaga mo ang
iyong kapatid? sapagka't tayong lahat ay tatayo sa harapan
ng hukuman ng Dios. 11 Sapagka't nasusulat, Buhay ako,
sabi ng Panginoon, sa akin ang bawa't tuhod ay luluhod,
At ang bawa't dila ay magpapahayag sa Dios. 12 Kaya
nga ang bawa't isa sa atin ay magbibigay sulit sa Dios ng
kaniyang sarili. 13 Huwag na nga tayong mangaghatulan pa
sa isa't isa: kundi bagkus ihatol ninyo ito, na ang sinoman
ay huwag maglagay ng katitisuran sa daan ng kaniyang
kapatid o kadahilanan ng ikararapa. 14 Nalalaman ko,
at naniniwala akong lubos kay Jesus na Panginoon, na
walang anomang bagay na marumi sa kaniyang sarili:
maliban na doon sa nagaakala na ang anomang bagay ay
marumi, sa kaniya'y marumi ito. 15 Sapagka't kung dahil sa
pagkain ang iyong kapatid ay naghinanakit ay hindi ka na

lumalakad sa pagibig. Huwag mong ipamahamak sa iyong
pagkain yaong pinagkamatayan ni Cristo. **16** Huwag nga
ninyong pabayaan na pagsalitaan ng masama ang inyong
kabutihan: **17** Sapagka't ang kaharian ng Dios ay hindi ang
pagkain at paginom, kundi ang katuwiran at ang kapayapaan
at ang kagalakan sa Espiritu Santo. **18** Sapagka't ang
sa ganito ay naglilingkod kay Cristo ay kalugodlugod sa
Dios, at pinatutunayan ng mga tao. **19** Kaya nga sundin
ang mga bagay na makapapayapa, at ang mga bagay
na makapagpapatibay sa isa't isa. **20** Huwag mong sirain
ang gawa ng Dios dahil sa pagkain. Tunay na ang lahat
ng mga bagay ay malilinis; gayon man ay masama sa
tao ang kumakain ng laban sa kaniyang budhi. **21** Mabuti
ang huwag kumain ng lamangkati, ni uminom ng alak, ni
gumawa ng anoman na katitisuran ng iyong kapatid. **22** Ang
pananampalataya mo na nasa iyo ay ingatan mo sa iyong
sarili sa harap ng Dios. Mapalad ang hindi humahatol sa
kaniyang sarili sa bagay na kaniyang sinasangayunan. **23**
Nguni't ang nagaalinlangan ay hinahatulan kung kumakain,
sapagka't hindi siya kumakain sa pananampalataya; at ang
anomang hindi sa pananampalataya ay kasalanan.

**15** Tayo ngang malalakas ay nararapat mangagbata ng
kahinaan ng mahihina, at huwag tayong mangagbigay
lugod sa ating sarili. **2** Bawa't isa sa atin ay magbigay lugod
sa kaniyang kapuwa, sa kaniyang ikabubuti sa ikatitibay. **3**
Sapagka't si Cristo man ay hindi nagbigay lugod sa kaniyang
sarili; kundi gaya ng nasusulat, Ang mga pagalipusta ng
mga nagsisialipusta sa iyo, ay nangahulog sa akin. **4**
Sapagka't ang anomang mga bagay na isinulat nang una ay
nangasulat dahil sa ikatututo natin, upang sa pamamagitan
ng pagtitiis at pagaliw ng mga kasulatan ay mangagkaroon
tayo ng pagasa. **5** Loobin nawa ng Dios ng pagtitiis at
paggiliw, na kayo ay magkaisa ng pagiisip sa isa't isa ayon
kay Cristo Jesus: **6** Upang kayo na may isang pagiisip
sa pamamagitan ng isang bibig ay luwalhatiin ninyo ang
Dios at Ama ng ating Panginoong Jesucristo. **7** Sa ganito'y
mangagtanggapan kayo, gaya naman ni Cristo na tinanggap
kayo sa kaluwalhatian ng Dios. **8** Sapagka't sinasabi ko na si
Cristo ay ginawang ministro ng pagtutuli dahil sa katotohanan
ng Dios, upang kaniyang mapagtibay ang mga pangakong
ibinigay sa mga magulang, **9** At upang ang mga Gentil
ay makaluwalhati sa Dios dahil sa kaniyang kahabagan;
gaya ng nasusulat, Kaya nga't ikaw ay aking pupurihin sa
gitna ng mga Gentil. At aawit ako sa iyong pangalan. **10** At
muling sinasabi niya, Makigalak kayo, kayong mga Gentil,
sa kaniyang bayan. **11** At muli, Purihin ninyo ang Panginoon,
kayong lahat ng mga Gentil; At purihin siya ng lahat ng mga
bayan. **12** At muli, sinasabi ni Isaias, Magkakaroon ng ugat
kay Jesse, At siya'y lilitaw upang maghari sa mga Gentil; Ay
sa kaniya magsisiasa ang mga Gentil. **13** Puspusin nga kayo
ng Dios ng pagasa ng buong kagalakan at kapayapaan sa
pananampalataya, upang kayo'y managana sa pagasa sa
pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo. **14** At
ako naman sa aking sarili ay naniniwalang lubos tungkol
sa inyo mga kapatid ko, na kayo naman ay mangapuspos
ng kabutihan, pinuspos ng lahat ng kaalaman, na ano pa't
makapagpapaalaala naman kayo sa isa't isa. **15** Nguni't
sinulatan ko kayo na may dakilang kalayaan na bilang
pagpapaalaala sa inyo, dahil sa biyaya na sa akin ay ibinigay
ng Dios, **16** Upang ako'y maging ministro ni Cristo Jesus
sa mga Gentil, na nangangasiwa sa evangelio ng Dios,
upang ang mga Gentil ay maging kalugodlugod na handog,
palibhasa'y pinapaging banal ng Espiritu Santo. **17** Mayroon
nga akong ipinagmamapuri kay Cristo Jesus sa mga bagay
na nauukol sa Dios. **18** Sapagka't hindi ako nangangahas
magsalita ng anomang mga bagay, maliban na sa mga
ginawa ni Cristo sa pamamagitan ko, sa pagtalima ng mga
Gentil, sa salita at sa gawa, **19** Sa bisa ng mga tanda at ng
mga kababalaghan, sa kapangyarihan ng Espiritu ng Dios;
ano pa't buhat sa Jerusalem, at sa palibotlibot hanggang
sa Ilirico, ay aking ipinangaral na lubos ang evangelio ni
Cristo; **20** Aking nilayon na maipangaral ang evangelio, hindi
doon sa napagbalitaan na kay Cristo, upang huwag akong
magtayo sa ibabaw ng pinagsaligan ng iba; **21** Kundi, gaya
ng nasusulat, Makakakita silang mga hindi dinatnan ng mga
balita tungkol sa kaniya, At silang hindi nangakapakinig, ay
mangakakatalastas. **22** Kaya't madalas namang napigil ako
ng pagpariyan sa inyo: **23** Datapuwa't ngayon, na wala nang
dako sa mga lupaing ito, at malaon nang panahong ako'y
may nasang pumariyan sa inyo, **24** Pagparoon ko sa Espana
ay paririyan ako (sapagka't inaasahan kong makikita ko kayo
sa aking paglalakbay, at ako'y sasamahan ninyo patungo
doon, pagkatapos na magkamit ng kaunting kasiyahan
sa pakikisama sa inyo). **25** Nguni't ngayon, sinasabi ko,
ako'y pasasa-Jerusalem, upang mamahagi sa mga banal.
**26** Sapagka't minagaling ng Macedonia at ng Acaya na
gumawa ng isang ambagang laan sa mga dukha sa mga
banal na nasa Jerusalem. **27** Oo, ito'y kalugodlugod sa
kanila; at sila'y may utang na loob sa kanila. Sapagka't
kung ang mga Gentil ay naging mga kabahagi sa kanilang
mga bagay na ayon sa Espiritu, nararapat naman nilang
paglingkuran ang mga yaon sa mga bagay na ayon sa
laman. **28** Kung maganap ko nga ito, at aking matatakan na
sa kanila ang bungang ito, ay magdaraan ako sa inyong
patungo sa Espana. **29** At nalalaman ko na, pagpariyan
ko sa inyo, ay darating akong puspos ng pagpapala ng
evangelio ni Cristo. **30** Ngayo'y ipinamamanhik ko sa inyo,
mga kapatid, alangalang sa Panginoon nating Jesucristo, at

sa pagibig ng Espiritu, na kayo'y makipagsikap na kasama
ko sa inyong mga pananalangin sa Dios patungkol sa akin;
31 Upang ako'y maligtas sa mga hindi nagsisisampalataya
na nangasa Judea, at nang ang aking pamamahagi sa
Jerusalem ay maging kalugodlugod sa mga banal; 32 Upang
sa pamamagitan ng kalooban ng Dios, ako'y makarating sa
inyo na may kagalakan, at ako'y makipamahinga sa inyo.
33 Ngayon ang Dios ng kapayapaan ay sumainyo nawang
lahat. Siya nawa.

16 Ipinagtatagubilin ko sa inyo si Febe na ating kapatid na
babae, na lingkod sa iglesia na nasa Cencrea: 2 Upang
tanggapin ninyo siya sa Panginoon, ayon sa nararapat sa
mga banal, at tulungan ninyo siya sa anomang bagay na
magiging kailangan niya sa inyo: sapagka't siya nama'y
naging katulong ng marami, at ng aking sarili naman. 3 Batiin
ninyo si Prisca at si Aquila na aking mga kamanggagawa
kay Cristo Jesus, 4 Na ipinain ang kanilang mga leeg
dahil sa aking buhay; na sa kanila'y hindi lamang ako ang
nagpapasalamat, kundi naman ang lahat ng mga iglesia ng
mga Gentil: 5 At batiin ninyo ang iglesia na nasa kanilang
bahay. Batiin ninyo si Epeneto na minamahal ko, na siyang
pangunahing bunga ng Asia kay Cristo. 6 Batiin ninyo
si Maria, na lubhang nagpagal sa inyo. 7 Batiin ninyo si
Andronico at si Junias, na aking mga kamaganak, at mga
kasama ko sa pagkabilanggo, na siyang mga bantog sa mga
apostol, na sila nama'y nangauna sa akin kay Cristo. 8 Batiin
ninyo si Ampliato na aking minamahal sa Panginoon. 9
Batiin ninyo si Urbano na aming kamanggagawa kay Cristo,
at si Estaquis na minamahal ko. 10 Batiin ninyo si Apeles
na subok kay Cristo. Batiin ninyo ang mga kasangbahay ni
Aristobulo. 11 Batiin ninyo si Herodion na aking kamaganak.
Batiin ninyo ang mga kasangbahay ni Narciso, yaong
nangasa Panginoon. 12 Batiin ninyo si Trifena at si Trifosa,
na nangagpapagal sa Panginoon. Batiin ninyo si Persida na
minamahal, na lubhang nagpagal sa Panginoon. 13 Batiin
ninyo si Rufo na hinirang sa Panginoon, at ang kaniyang
ina at akin. 14 Batiin ninyo si Asincrito, si Flegonte, si
Hermes, si Patrobas, si Hermas, at ang mga kapatid na
kasama nila. 15 Batiin ninyo si Filologo at si Julia, si Nereo
at ang kaniyang kapatid na babae, at si Olimpas, at ang
lahat ng mga banal na kasama nila. 16 Mangagbatian
kayo ng banal na halik. Binabati kayo ng lahat ng mga
iglesia ni Cristo. 17 Ngayo'y ipinamamanhik ko sa inyo, mga
kapatid, na tandaan ninyo yaong mga pinanggagalingan ng
pagkakabahabahagi at ng mga katitisuran, laban sa mga aral
na inyong nangapagaralan: at kayo'y magsilayo sa kanila.
18 Sapagka't ang mga gayon ay hindi nagsisipaglingkod sa
Cristong Panginoon, kundi sa kanilang sariling tiyan; at sa
pamamagitan ng kanilang mabuting pananalita at maiinam
na mga talumpati ay dinadaya ang mga puso ng mga walang
malay. 19 Sapagka't ang inyong pagtalima ay naging bantog
sa lahat ng mga tao. Kaya't nagagalak ako tungkol sa inyo:
datapuwa't ibig ko na kayo'y maging marunong sa kabutihan,
at musmos sa kasamaan. 20 At si Satanas ay dudurugin
ng Dios ng kapayapaan sa madaling panahon sa ilalim ng
inyong mga paa. Ang biyaya nawa ng ating Panginoong
Jesucristo ay sumainyo. 21 Binabati kayo ni Timoteo na
aking kamanggagawa; at ni Lucio at ni Jason at ni Sosipatro,
na aking mga kamaganak. 22 Akong si Tercio, na sumusulat
ng sulat na ito, ay bumabati sa inyo sa Panginoon. 23
Binabati kayo ni Gayo na pinanunuluyanan ko, at ng buong
iglesia. Binabati kayo ni Erasto na ingat-yaman ng bayan, at
ng kapatid na si Cuarto. 24 Ang biyaya ng ating Panginoong
Jesucristo ay sumainyong lahat. Siya nawa. 25 At ngayon sa
kaniya na makapangyarihan na sa inyo'y makapagpapatibay
ayon sa aking evangelio at sa pangangaral ni Jesucristo,
ayon sa pahayag ng hiwaga na natago sa katahimikan nang
panahong walang hanggan. **(aiōnios g166)** 26 Datapuwa't
nahayag na ngayon, at sa pamamagitan ng mga kasulatan
ng mga propeta, ayon sa ipinagutos ng Dios na walang
hanggan, ay ipinakilala sa lahat ng mga bansa upang
magsitalima sa pananampalataya: **(aiōnios g166)** 27 Sa iisang
Dios na marunong, sa pamamagitan ni Jesucristo, na
sumasa kaniya ang kaluwalhatian magpakailan man. Siya
nawa. **(aiōn g165)**

# 1 Mga Corinto

1 Si Pablo, na tinawag na maging apostol ni Jesucristo
sa pamamagitan ng kalooban ng Dios, at si Sostenes
na ating kapatid, 2 Sa iglesia ng Dios na nasa Corinto,
sa makatuwid baga'y sa mga pinapagingbanal kay Cristo
Jesus, na tinawag na mangagbanal, na kasama ng lahat ng
mga nagsisitawag sa bawa't dako, sa pangalan ng ating
Panginoong Jesucristo, na kanila at ating Panginoon: 3
Sumainyo nawa ang biyaya at kapayapaang mula sa Dios na
ating Ama at sa Panginoong Jesucristo. 4 Nagpapasalamat
akong lagi sa aking Dios tungkol sa inyo, dahil sa biyaya
ng Dios na ipinagkaloob sa inyo sa pamamagitan ni Cristo
Jesus; 5 Na kayo ay pinayaman sa kanya, sa lahat ng
mga bagay sa lahat ng pananalita at sa lahat ng kaalaman;
6 Gaya ng pinagtibay sa inyo ang patotoo ni Cristo: 7
Ano pa't kayo'y hindi nagkulang sa anomang kaloob; na
nagsisipaghintay ng paghahayag ng ating Panginoong
Jesucristo; 8 Na siya namang magpapatibay sa inyo
hanggang sa katapusan, upang huwag kayong mapagwikaan
sa kaarawan ng ating Panginoong Jesucristo. 9 Ang Dios
ay tapat, na sa pamamagitan niya ay tinawag kayo sa
pakikisama ng kaniyang anak na si Jesucristo na Panginoon
natin. 10 Ngayo'y ipinamamanhik ko sa inyo, mga kapatid, sa
pamamagitan ng pangalan ng ating Panginoong Jesucristo,
na kayong lahat ay mangagsalita ng isa lamang bagay, at
huwag mangagkaroon sa inyo ng mga pagkakabahabahagi;
kundi kayo'y mangalubos sa isa lamang pagiisip at isa
lamang paghatol. 11 Sapagka't ipinatalastas sa akin tungkol
sa inyo, mga kapatid ko, ng mga kasangbahay ni Cloe, na
sa inyo'y may mga pagtatalotalo. 12 Ibig ko ngang sabihin
ito, na ang bawa't isa sa inyo ay nagsasabi, Ako'y kay
Pablo; at ako'y kay Apolos; at ako'y kay Cefas; at ako'y
kay Cristo. 13 Nabahagi baga si Cristo? ipinako baga sa
krus si Pablo dahil sa inyo? o binautismuhan baga kayo
sa pangalan ni Pablo? 14 Nagpapasalamat ako sa Dios
na hindi ko binautismuhan ang sinoman sa inyo, maliban
si Crispo at si Gayo; 15 Baka masabi ninoman na kayo'y
binautismuhan sa pangalan ko. 16 At binautismuhan ko rin
naman ang sangbahayan ni Estefanas: maliban sa mga ito,
di ko maalaman kung may nabautismuhan akong iba pa. 17
Sapagka't hindi ako sinugo ni Cristo upang bumautismo,
kundi upang mangaral ng evangelio: hindi sa karunungan ng
mga salita baka mawalan ng kabuluhan ang krus ni Cristo. 18
Sapagka't ang salita ng krus ay kamangmangan sa kanila na
nangapapahamak; nguni't ito'y kapangyarihan ng Dios sa atin
na nangaliligtas. 19 Sapagka't nasusulat, Iwawalat ko ang
karunungan ng marurunong, At isasawala ko ang kabaitan ng
mababait. 20 Saan naroon ang marunong? saan naroon ang
eskriba? saan naroon ang mapagmatuwid sa sanglibutang
ito? hindi baga ginawa ng Dios na kamangmangan ang
karunungan ng sanglibutan? (aiōn g165) 21 Sapagka't yamang
sa karunungan ng Dios ay hindi nakilala ng sanglibutan
ang Dios sa pamamagitan ng kaniyang karunungan, ay
kinalugdan ng Dios na iligtas ang mga nagsisipanampalataya
sa pamamagitan ng kamangmangan ng pangangaral. 22
Ang mga Judio nga ay nagsisihingi ng mga tanda, at ang
mga Griego ay nagsisihanap ng karunungan: 23 Datapuwa't
ang aming ipinangangaral ay ang Cristo na napako sa
krus, na sa mga Judio ay katitisuran, at sa mga Gentil ay
kamangmangan; 24 Nguni't sa kanila na mga tinawag, maging
mga Judio at mga Griego, si Cristo ang kapangyarihan
ng Dios, at ang karunungan ng Dios. 25 Sapagka't ang
kamangmangan ng Dios ay lalong marunong kay sa mga
tao; at ang kahinaan ng Dios ay lalong malakas kay sa mga
tao. 26 Sapagka't masdan ninyo ang sa inyo'y pagkatawag,
mga kapatid, na hindi ang maraming marurunong ayon sa
laman, hindi ang maraming may kapangyarihan, hindi ang
maraming mahal na tao ang mga tinawag: 27 Kundi pinili ng
Dios ang mga bagay na kamangmangan ng sanglibutan,
upang hiyain niya ang mga marurunong; at pinili ng Dios
ang mga bagay na mahihina ng sanglibutan, upang hiyain
niya ang mga bagay na malalakas; 28 At ang mga bagay na
mababa ng sanglibutan, at ang mga bagay na hinamak,
ang pinili ng Dios, oo at ang mga bagay na walang halaga
upang mawalang halaga ang mga bagay na mahahalaga: 29
Upang walang laman na magmapuri sa harapan ng Dios. 30
Datapuwa't sa kaniya kayo'y nangasa kay Cristo Jesus, na
sa atin ay ginawang karunungang mula sa Dios, at katuwiran
at kabanalan, at katubusan: 31 Na, ayon sa nasusulat, Ang
nagmamapuri, ay magmapuri sa Panginoon.

2 At ako, mga kapatid, nang pumariyan sa inyo, ay hindi
ako napariyan na may kagalingan sa pananalita o sa
karunungan, na nagbabalita sa inyo ng patotoo ng Dios. 2
Sapagka't aking pinasiyahang walang maalaman anoman
sa gitna ninyo, maliban na si Jesucristo, at siya na napako
sa krus. 3 At ako'y nakisama sa inyo na may kahinaan,
at may katakutan, at may lubhang panginginig. 4 At ang
aking pananalita at ang aking pangangaral ay hindi sa
mga salitang panghikayat ng karunungan, kundi sa patotoo
ng Espiritu at ng kapangyarihan: 5 Upang ang inyong
pananampalataya ay huwag masalig sa karunungan ng mga
tao, kundi sa kapangyarihan ng Dios. 6 Gayon man, ay
nangagsasalita kami ng karunungan sa mga may gulang:
bagaman hindi ng karunungan ng sanglibutang ito, o ng
mga may kapangyarihan sa sanglibutang ito, na ang mga
ito'y nangauuwi sa wala: (aiōn g165) 7 Kundi sinasalita namin
ang karunungan ng Dios sa hiwaga, yaong karunungan na

itinalaga ng Dios, bago nilalang ang mga sanglibutan sa
ikaluluwalhati natin: **(aiōn g165)** 8 Na hindi napagkilala ng
sinomang pinuno sa sanglibutang ito: sapagka't kung nakilala
sana nila, ay dising di ipinako sa krus ang Panginoon ng
kaluwalhatian: **(aiōn g165)** 9 Datapuwa't gaya ng nasusulat,
Ang mga bagay na hindi nakita ng mata, at ni narinig ng
tainga, Ni hindi pumasok sa puso ng tao, Anomang mga
bagay na inihanda ng Dios sa kanila na nangagsisiibig sa
kaniya. 10 Nguni't ang mga ito ay ipinahayag sa atin ng
Dios sa pamamagitan ng Espiritu; sapagka't nasisiyasat
ng Espiritu ang lahat ng mga bagay, oo, ang malalalim na
mga bagay ng Dios. 11 Sapagka't sino sa mga tao ang
nakakakilala ng mga bagay ng tao, kundi ang espiritu ng
tao, na nasa kaniya? gayon din naman ang mga bagay ng
Dios ay hindi nakikilala ng sinoman, maliban na ng Espiritu
ng Dios. 12 Nguni't ating tinanggap, hindi ang espiritu ng
sanglibutan, kundi ang espiritung mula sa Dios; upang ating
mapagkilala ang mga bagay na sa atin ay ibinigay na walang
bayad ng Dios. 13 Na ang mga bagay na ito ay atin namang
sinasalita, hindi sa mga salitang itinuturo ng karunungan ng
tao, kundi sa itinuturo ng Espiritu; na iniwawangis natin ang
mga bagay na ayon sa espiritu sa mga pananalitang ayon
sa espiritu. 14 Nguni't ang taong ayon sa laman ay hindi
tumatanggap ng mga bagay ng Espiritu ng Dios: sapagka't
ang mga ito ay kamangmangan sa kaniya; at hindi niya
nauunawa, sapagka't ang mga yaon ay sinisiyasat ayon sa
espiritu. 15 Nguni't ang sa espiritu ay nagsisiyasat sa lahat
ng mga bagay, at siya'y hindi sinisiyasat ng sinoman. 16
Sapagka't sino ang nakakilala ng pagiisip ng Panginoon,
upang siya'y turuan niya? Datapuwa't nasa atin ang pagiisip
ni Cristo.

**3** At ako, mga kapatid, ay hindi nakapagsalita sa inyo na
tulad sa mga nasa espiritu, kundi tulad sa mga nasa
laman, tulad sa mga sanggol kay Cristo. 2 Kinandili ko kayo
ng gatas, at hindi ng lamang-kati; sapagka't kayo'y wala pang
kaya noon: wala, na ngayon pa man ay wala kayong kaya; 3
Sapagka't kayo'y mga sa laman pa: sapagka't samantalang
sa inyo'y may mga paninibugho at mga pagtatalo, hindi
baga kayo'y mga sa laman, at kayo'y nagsisilakad ayon sa
kaugalian ng mga tao? 4 Sapagka't kung sinasabi ng isa,
Ako'y kay Pablo; at ng iba, Ako'y kay Apolos; hindi baga
kayo'y mga tao? 5 Ano nga si Apolos? at Ano si Pablo?
Mga ministro na sa pamamagitan nila ay nagsisampalataya
kayo; at sa bawa't isa ayon sa ipinagkaloob ng Panginoon
sa kaniya. 6 Ako ang nagtanim, si Apolos ang nagdilig;
nguni't ang Dios ang siyang nagpalago. 7 Ano pa't walang
anoman ang nagtatanim, ni ang nagdidilig; kundi ang Dios
na nagpapalago. 8 Ngayon ang nagtatanim at ang nagdidilig
ay iisa: nguni't ang bawa't isa ay tatanggap ng kaniyang
sariling kagantihan ayon sa kaniyang sariling pagpapagal. 9
Sapagka't tayo ay mga kamanggagawa ng Dios: kayo ang
bukid ng Dios, ang gusali ng Dios. 10 Ayon sa biyaya ng
Dios na ibinigay sa akin, na tulad sa matalinong tagapagtayo
ay inilagay ko ang pinagsasaligan; at iba ang nagtatayo sa
ibabaw nito. Nguni't ingatan ng bawa't tao kung paano ang
pagtatayo niya sa ibabaw nito. 11 Sapagka't sinoman ay
hindi makapaglalagay ng ibang pinagsasaligan, kundi ang
nalalagay na, na ito'y si Cristo Jesus. 12 Datapuwa't kung
ang sinoma'y magtatayo sa ibabaw ng pinagsasaligang ito
ng ginto, pilak, mga mahahalagang bato, kahoy, tuyong
dayami; 13 Ang gawa ng bawa't isa ay mahahayag: sapagka't
ang araw ang magsasaysay, sapagka't sa pamamagitan ng
apoy inihahayag; at ang apoy rin ang susubok sa gawa ng
bawa't isa kung ano yaon. 14 Kung ang gawa ng sinoman
ay manatili, na kaniyang itinayo sa ibabaw niyaon, siya'y
tatanggap ng kagantihan. 15 Kung ang gawa ng sinoman ay
masunog, ay malulugi siya: nguni't siya sa kaniyang sarili ay
maliligtas; gayon ma'y tulad sa pamamagitan ng apoy. 16
Hindi baga ninyo nalalaman na kayo'y templo ng Dios, at
ang Espiritu ng Dios ay nananahan sa inyo? 17 Kung gibain
ng sinoman ang templo ng Dios, siya'y igigiba ng Dios;
sapagka't ang templo ng Dios ay banal, na ang templong ito
ay kayo. 18 Sinoma'y huwag magdaya sa kaniyang sarili.
Kung ang sinoman sa inyo ay nagiisip na siya'y marunong
sa kapanahunang ito, ay magpakamangmang siya, upang
siya ang maging marunong. **(aiōn g165)** 19 Sapagka't ang
karunungan ng sanglibutang ito ay kamangmangan sa Dios.
Sapagka't nasusulat, Hinuhuli niya ang marurunong sa
kanilang katusuhan: 20 At muli, Nalalaman ng Panginoon
ang pangangatuwiran ng marurunong, na pawang walang
kabuluhan. 21 Kaya't huwag ipagmamapuri ninoman sa
mga tao, Sapagka't ang lahat ng mga bagay ay sa inyo.
22 Kahit si Pablo, kahit si Apolos, kahit si Cefas, kahit ang
sanglibutan, kahit ang buhay, kahit ang kamatayan, kahit
ang mga bagay na kasalukuyan, kahit ang mga bagay na
darating; lahat ay sa inyo: 23 At kayo'y kay Cristo; at si
Cristo ay sa Dios.

**4** Ipalagay nga kami ng sinoman na mga ministro ni Cristo,
at mga katiwala ng mga hiwaga ng Dios. 2 Bukod dito'y
kinakailangan sa mga katiwala, na ang bawa't isa ay maging
tapat. 3 Datapuwa't sa ganang akin ay isang bagay na
totoong maliit ang ako'y siyasatin ninyo, o ng pagsisiyasat ng
tao: oo, ako'y hindi nagsisiyasat sa aking sarili. 4 Sapagka't
wala akong nalalamang anomang laban sa aking sarili;
bagaman hindi dahil dito'y inaaring-ganap ako: sapagka't ang
nagsisiyasat sa akin ay ang Panginoon. 5 Kaya nga huwag
muna kayong magsihatol ng anoman, hanggang sa dumating
ang Panginoon, na siya ang maghahayag ng mga bagay

na nalilihim sa kadiliman, at ipahahayag naman ang mga
haka ng mga puso; at kung magkagayon ang bawa't isa ay
magkakaroon ng kapurihan sa Dios. 6 Ang mga bagay ngang
ito, mga kapatid, ay inianyo ko sa halimbawa sa aking sarili
at kay Apolos dahil sa inyo; upang sa amin ay mangatuto
kayo na huwag magsihigit sa mga bagay na nangasusulat;
upang ang sinoman sa inyo ay huwag magpalalo ang
isa laban sa iba. 7 Sapagka't sino ang gumawa na ikaw
ay matangi? at anong nasa iyo na hindi mo tinanggap?
nguni't kung tinanggap mo, ay bakit mo ipinagmamapuri
na tulad sa hindi mo tinanggap? 8 Kayo'y mga busog na,
kayo'y mayayaman na, kayo'y nangaghari nang wala kami:
at ibig ko sanang mangaghari kayo, upang kami nama'y
mangagharing kasama ninyo. 9 Sapagka't iniisip ko, na
pinalitaw ng Dios kaming mga apostol na mga kahulihulihan
sa lahat, na tulad sa mga itinalaga sa kamatayan: sapagka't
kami'y ginawang panoorin ng sanglibutan, at ng mga anghel,
at ng mga tao. 10 Kami'y mga mangmang dahil kay Cristo,
nguni't kayo'y marurunong kay Cristo; kami'y mahihina,
nguni't kayo'y malalakas; kayo'y may karangalan, datapuwa't
kami ay walang kapurihan. 11 Hanggang sa oras na ito'y
nangagugutom kami, at nangauuhaw, at mga hubad, at
mga tinampal, at wala kaming tiyak na tahanan; 12 At
kami'y nangagpapagal, na nangagsisigawa ng aming sariling
mga kamay: bagama't inuupasala, ay kami'y nangagpapala;
bagama't mga pinaguusig, ay nangagtitiis kami; 13 Bagama't
mga sinisiraangpuri, ay aming pinamamanhikan: kami'y
naging tulad ng yagit sa sanglibutan, sukal ng lahat ng mga
bagay hanggang ngayon. 14 Hindi ko isinusulat ang mga
bagay na ito upang kayo'y hiyain, kundi upang paalalahanan
kayong tulad sa aking mga minamahal na anak. 15 Sapagka't
bagaman mangagkaroon kayo ng sampung libong mga
guro kay Cristo, ay wala nga kayong maraming mga
ama; sapagka't kay Cristo Jesus ipinanganak ko kayo sa
pamamagitan ng evangelio. 16 Ipinamamanhik ko nga sa
inyo, na kayo'y maging mga tagatulad sa akin. 17 Dahil
dito'y aking sinugo sa inyo si Timoteo, na aking minamahal
at tapat na anak sa Panginoon, na siya ang sa inyo'y
magpapaalaala ng aking mga daang nanga kay Cristo, gaya
ng itinuturo ko saan mang dako sa bawa't iglesia. 18 Ang
mga iba nga'y nangagpapalalo, na waring hindi na ako
mapapariyan sa inyo. 19 Nguni't ako'y pariliyan agad sa
inyo, kung loloobin ng Panginoon; at aking aalamin, hindi
ang salita ng nangagpapalalo, kundi ang kapangyarihan. 20
Sapagka't ang kaharian ng Dios ay hindi sa salita, kundi sa
kapangyarihan. 21 Anong ibig ninyo? pariliyan baga ako sa
inyo na may panghampas, o sa pagibig, at sa espiritu ng
kahinahunan?

5 Sa kasalukuya'y nababalita na sa inyo'y may pakikiapid,
at ang ganyang pakikiapid ay wala kahit sa mga Gentil,
na isa sa inyo'y nagaari ng asawa ng kaniyang ama. 2 At
kayo'y mga mapagpalalo, at hindi kayo bagkus nangalumbay,
upang maalis sa gitna ninyo ang gumagawa ng gawang
ito. 3 Sapagka't ako sa katotohanan, bagama't wala sa
harapan ninyo sa katawan nguni't ako'y nasa harapan ninyo
sa espiritu, akin ngang hinatulan na ang gumawa ng bagay
na ito, na tulad sa ako'y nahaharap, 4 Sa pangalan ng
ating Panginoong Jesus, nang nangagkakatipon kayo, at
ang aking espiritu, na taglay ang kapangyarihan ng ating
Panginoong Jesus, 5 Upang ang ganyan ay ibigay kay
Satanas sa ikawawasak ng kaniyang laman, upang ang
espiritu ay maligtas sa araw ng Panginoong Jesus. 6
Hindi mabuti ang inyong pagmamapuri. Hindi baga ninyo
nalalaman na ang kaunting lebadura ay nagpapakumbo sa
buong limpak? 7 Alisin ninyo ang lumang lebadura, upang
kayo'y maging bagong limpak, na tulad sa kayo'y walang
lebadura. Sapagka't ang kordero ng ating paskua ay naihain
na, sa makatuwid baga'y si Cristo: 8 Kaya nga ipangilin natin
ang pista, hindi sa lumang lebadura, ni sa lebadura man
ng masamang akala at ng kasamaan, kundi sa tinapay na
walang lebadura ng pagtatapat at ng katotohanan. 9 Isinulat
ko sa inyo sa aking sulat na huwag kayong makisama sa mga
mapakiapid; 10 Tunay nga hindi ang ibig sabihin ay sa mga
mapakiapid sa sanglibutang ito, o sa mga masasakim at mga
manglulupig, o sa mga mananamba sa diosdiosan; sapagka't
kung gayo'y kinakailangang magsialis kayo sa sanglibutan:
11 Datapuwa't sinusulatan ko nga kayo, na huwag kayong
makisama sa kanino mang tinatawag na kapatid, kung siya'y
mapakiapid, o masakim, o mananamba sa diosdiosan, o
mapagtungayaw, o manglalasing, o manglulupig; sa gayo'y
huwag man lamang kayong makisalo. 12 Sapagka't ano
sa akin ang humatol sa nangasa labas? Hindi baga kayo
nagsisihatol sa nangasa loob? 13 Datapuwa't sa nangasa
labas ay Dios ang humahatol. Alisin nga ninyo sa inyo ang
masamang tao.

6 Nangangahas baga ang sinoman sa inyo, kung mayroong
anomang bagay laban sa iba, na siya'y magsakdal sa
harapan ng mga liko, at hindi sa harapan ng mga banal?
2 O hindi baga ninyo nalalaman na ang mga banal ay
magsisihatol sa sanglibutan? at kung ang sanglibutan ay
hahatulan ninyo, hindi kaya baga dapat magsihatol kayo sa
mga bagay na pinakamaliit? 3 Hindi baga ninyo nalalaman
na ating hahatulan ang mga anghel? gaano pa kaya ang
mga bagay na nauukol sa buhay na ito? 4 Kung kayo nga'y
mayroong usapin na mga bagay na nauukol sa buhay na ito,
ilalagay baga ninyo upang magsihatol ang mga taong walang
halaga sa iglesia? 5 Sinasabi ko ito upang mangahiya kayo.

Ano, diyata't wala baga sa inyo na isa mang marunong na
makapagpapayo sa kaniyang mga kapatid, 6 Kundi ang
kapatid ay nakikipagusapin laban sa kapatid, at ito'y sa
harapan ng mga hindi nagsisipanampalataya? 7 Ngayon
nga, tunay na isang pagkukulang sa inyo ang kayo-kayo'y
magkaroon ng mga usapin. Bakit hindi bagkus ninyong
tiisin ang mga kalikuan? bakit hindi bagkus kayo'y padaya?
8 Nguni't kayo rin ang mga nagsisigawa ng kalikuan, at
nangagdaraya, at ito'y sa mga kapatid ninyo. 9 O hindi baga
ninyo nalalaman na ang mga liko ay hindi magsisipagmana
ng kaharian ng Dios? Huwag kayong padaya: kahit ang mga
mapakiapid, ni ang mga mananamba sa diosdiosan, ni ang
mga mangangalunya, ni ang mga nangbababae, ni ang mga
mapakiapid sa kapuwa lalake. 10 Ni ang mga magnanakaw,
ni ang mga masasakim, ni ang mga manglalasing, ni ang
mga mapagtungayaw, ni ang mga manglulupig, ay hindi
mangagmamana ng kaharian ng Dios. 11 At ganyan ang
mga ilan sa inyo: nguni't nangahugasan na kayo, nguni't
binanal na kayo, nguni't inaring-ganap na kayo sa pangalan
ng Panginoong Jesucristo, at sa Espiritu ng ating Dios. 12
Ang lahat ng mga bagay sa akin ay matuwid; nguni't hindi
ang lahat ay nararapat. Ang lahat ng mga bagay sa akin ay
matuwid; nguni't hindi ako pasasakop sa kapangyarihan
ng anoman. 13 Ang mga pagkain ay sa tiyan, at ang tiyan
ay sa mga pagkain: nguni't kapuwa iwawasak ng Dios
yaon at ang mga ito. Datapuwa't ang katawan ay hindi sa
pakikiapid, kundi sa Panginoon; at ang Panginoon ay sa
katawan: 14 At muling binuhay ng Dios ang Panginoon, at
muling bubuhayin naman tayo sa pamamagitan ng kaniyang
kapangyarihan. 15 Hindi baga ninyo nalalaman na ang
inyong mga katawan ay mga sangkap ni Cristo? kukunin ko
nga baga ang mga sangkap ni Cristo, at gagawin kong mga
sangkap ng isang patutot? Huwag nawang mangyari. 16 O
hindi baga ninyo nalalaman na ang nakikisama sa patutot,
ay kaisang katawan niya? sapagka't sinasabi niya, Ang
dalawa ay magiging isang laman. 17 Nguni't ang nakikisama
sa Panginoon, ay kaisang espiritu niya. 18 Magsitakas
kayo sa pakikiapid. Lahat ng kasalanang gawin ng mga
tao ay nangasa labas ng katawan; nguni't ang gumagawa
ng pakikiapid ay nagkakasala laban sa kaniyang sariling
katawan. 19 O hindi baga ninyo nalalaman na ang inyong
katawan ay templo ng Espiritu Santo na nasa inyo, na
tinanggap ninyo sa Dios? at hindi kayo sa inyong sarili; 20
Sapagka't kayo'y binili sa halaga: luwalhatiin nga ninyo ng
inyong katawan ang Dios.

**7** At tungkol sa mga bagay na isinulat ninyo sa akin: Mabuti
sa lalake ay huwag humipo sa babae. 2 Datapuwa't,
dahil sa mga pakikiapid, ang bawa't lalake ay magkaroon ng
kaniyang sariling asawa, at bawa't babae ay magkaroon ng
kaniyang sariling asawa. 3 Ibigay ng lalake sa asawa ang
sa kaniya'y nararapat: at gayon din naman ang babae sa
asawa. 4 Ang babae ay walang kapangyarihan sa kaniyang
sariling katawan, kundi ang asawa: at gayon din naman
ang lalake ay walang kapangyarihan sa kaniyang sariling
katawan, kundi ang asawa. 5 Huwag magpigil ang isa't isa,
maliban kung pagkasunduan sa ilang panahon, upang kayo'y
mamalagi sa pananalangin, at muling kayo'y magsama,
baka kayo'y tuksuhin ni Satanas dahil sa inyong kawalan ng
pagpipigil. 6 Nguni't ito'y sinasabi ko na parang payo, hindi
sa utos. 7 Kaya't ibig ko sana, na ang lahat ng tao ay maging
gaya ko. Nguni't ang bawa't tao'y mayroong kanikaniyang
kaloob na mula sa Dios, ang isa'y ayon sa paraang ito,
at ang iba'y ayon sa paraan yaon. 8 Datapuwa't sinasabi
ko sa mga walang asawa, at sa mga babaing bao, Mabuti
sa kanila kung sila'y magsipanatiling gayon sa makatuwid
baga'y gaya ko. 9 Nguni't kung sila'y hindi makapagpigil,
ay magsipagasawa: sapagka't magaling ang magasawa
kay sa mangagningas ang pita. 10 Datapuwa't sa mga may
asawa ay aking ipinaguutos, Nguni't hindi ako, kundi ang
Panginoon, na ang babae ay huwag humiwalay sa kaniyang
asawa. 11 (Datapuwa't kung siya'y humiwalay, ay manatiling
walang asawa, o kaya'y makipagkasundo sa kaniyang
asawa); at huwag hiwalayan ng lalake ang kaniyang asawa.
12 Datapuwa't sa iba, ay ako ang nagsasabi, hindi ang
Panginoon: Kung ang sinomang kapatid na lalake ay may
asawang hindi sumasampalataya, at kung kalooban niyang
makipamahay sa kaniya, ay huwag niyang hiwalayan. 13
At ang babaing may asawang hindi sumasampalataya, at
kalooban niyang makipamahay sa kaniya, ay huwag niyang
hiwalayan ang kaniyang asawa. 14 Sapagka't ang lalaking
hindi sumasampalataya ay nagiging banal sa pamamagitan
ng kaniyang asawa, at ang babaing hindi sumasampalataya
ay nagiging banal sa pamamagitan ng kaniyang asawa: sa
ibang paraa'y ang inyong mga anak ay nangagkaroon ng
kapintasan; nguni't ngayo'y mga banal. 15 Gayon ma'y kung
humiwalay ang hindi sumasampalataya, ay bayaan siyang
humiwalay: ang kapatid na lalake o kapatid na babae ay
hindi natatali sa mga ganitong bagay: kundi sa kapayapaan
kayo tinawag ng Dios. 16 Sapagka't paanong malalaman mo,
Oh babae, kung maililigtas mo ang iyong asawa? o paanong
malalaman mo, Oh lalake, kung maililigtas mo ang iyong
asawa? 17 Ayon nga lamang sa ipinamahagi ng Panginoon
sa bawa't isa, at ayon sa pagkatawag ng Dios sa bawa't
isa, ay gayon siya lumakad. At gayon ang iniuutos ko sa
lahat ng mga iglesia. 18 Tinawag baga ang sinomang taong
tuli na? huwag siyang maging di tuli. Tinawag baga ang
sinomang di tuli? huwag siyang maging tuli. 19 Ang pagtutuli
ay walang anoman, at ang di pagtutuli ay walang anoman;

kundi ang pagtupad sa mga utos ng Dios. 20 Bayaang ang
bawa't isa'y manatili doon sa pagkatawag na itinawag sa
kaniya. 21 Ikaw baga'y alipin ng ikaw ay tinawag? huwag
kang magalaala: kung maaaring ikaw ay maging malaya, ay
pagsikapan mo ng maging laya. 22 Sapagka't ang tinawag
sa Panginoon nang siya'y alipin, ay malaya sa Panginoon:
gayon din naman ang tinawag nang siya'y malaya, ay alipin
ni Cristo. 23 Sa halaga kayo'y binili; huwag kayong maging
mga alipin ng mga tao. 24 Mga kapatid, bayaang ang bawa't
isa'y manatili sa Dios sa kalagayang itinawag sa kaniya.
25 Ngayon, tungkol sa mga dalaga ay wala akong utos ng
Panginoon: nguni't ibinibigay ko ang aking pasiya, na tulad sa
nagkamit ng habag ng Panginoon upang mapagkatiwalaan.
26 Inaakala ko ngang mabuti ito dahil sa kasalukuyang
kahapisan, sa makatuwid baga'y mabuti ngang ang tao'y
manatili ng ayon sa kaniyang kalagayan. 27 Natatali ka ba
sa asawa? huwag mong pagsikapang ikaw ay makakalag.
Ikaw baga'y kalag sa asawa? huwag kang humanap ng
asawa. 28 Nguni't kung ikaw ay magasawa, ay hindi ka
nagkakasala; at kung ang isang dalaga ay magasawa, ay
hindi siya nagkakasala. Datapuwa't ang mga gayon ay
magkakaroon ng kahirapan sa laman: at ibig ko sanang
kayo'y iligtas. 29 Nguni't sinasabi ko ito, mga kapatid, ang
panahon ay pinaikli, upang mula ngayon ang mga lalaking
may asawa ay maging mga tulad sa wala; 30 At ang mga
nagsisiiyak, ay maging tulad sa mga hindi nagsisiiyak; at ang
nangagagalak, ay maging tulad sa hindi nangagagalak; at
ang mga nagsisibili, ay maging tulad sa mga walang inaari;
31 At ang mga nagsisigamit ng sanglibutan, ay maging tulad
sa hindi nangagpapakalabis ng paggamit: sapagka't ang
kaasalan ng sanglibutang ito ay lumilipas. 32 Datapuwa't
ang ibig ko ay mawalan kayo ng kabalisahan. Ang walang
asawa ay nagsusumakit sa mga bagay ng Panginoon, kung
paanong makalulugod sa Panginoon: 33 Nguni't ang may
asawa ay nagsusumakit sa mga bagay ng sanglibutan,
kung paanong makalulugod sa kaniyang asawa, 34 At
nagkakabahagi ang isipan. Gayon din naman ang babaing
walang asawa at ang dalaga, ay nagsusumakit sa mga
bagay ng Panginoon, upang siya'y maging banal sa katawan
at sa espiritu man; nguni't ang babaing may asawa ay
nagsusumakit sa mga bagay ng sanglibutan, kung paanong
makalulugod sa kaniyang asawa. 35 At ito'y sinasabi ko
sa inyong sariling kapakinabangan; hindi upang alisin ko
ang inyong kalayaan, kundi dahil sa bagay na nararapat, at
upang kayo'y makapaglingkod sa Panginoon nang walang
abala. 36 Nguni't kung iniisip ng sinomang lalake na hindi
siya gumagawa ng marapat sa kaniyang anak na dalaga,
kung ito'y sumapit na sa kaniyang katamtamang gulang, at
kung kailangan ay sundin niya ang kaniyang maibigan, hindi
siya nagkakasala; bayaang mangagasawa sila. 37 Subali't
ang nananatiling matibay sa kaniyang puso, na walang
kailangan, kundi may kapangyarihan tungkol sa kaniyang
sariling kalooban, at pinasiyahan sa kaniyang sariling puso
na ingatan ang kaniyang sariling anak na dalaga, ay mabuti
ang gagawin. 38 Kaya nga ang nagpapahintulot sa kaniyang
anak na dalaga na magasawa ay gumagawa ng mabuti; at
ang hindi nagpapahintulot na siya'y magasawa ay gumagawa
ng lalong mabuti. 39 Ang babaing may asawa ay natatalian
samantalang nabubuhay ang kaniyang asawa; nguni't kung
patay na ang kaniyang asawa, ay may kalayaan siyang
makapagasawa sa kanino mang ibig niya; sa kalooban
lamang ng Panginoon. 40 Nguni't lalong maligaya siya kung
manatili ng ayon sa kaniyang kalagayan, ayon sa aking
akala: at iniisip ko na ako'y may Espiritu rin naman ng Dios.

**8** Ngayon tungkol sa mga bagay na inihain sa mga
diosdiosan: Nalalaman natin na tayong lahat ay may
kaalaman. Ang kaalaman ay nagpapalalo, nguni't ang pagibig
ay nagpapatibay. 2 Kung ang sinoman ay nagaakala na
siya'y may nalalamang anoman, ay wala pang nalalaman
gaya ng nararapat niyang maalaman; 3 Datapuwa't kung
ang sinoman ay umiibig sa Dios, ay kilala niya ang gayon.
4 Tungkol nga sa pagkain ng mga bagay na inihain sa
mga diosdiosan, nalalaman natin na ang diosdiosan ay
walang kabuluhan sa sanglibutan, at walang Dios liban sa
iisa. 5 Sapagka't bagama't mayroong mga tinatawag na
mga dios, maging sa langit o maging sa lupa; gaya nang
may maraming mga dios at maraming mga panginoon; 6
Nguni't sa ganang atin ay may isang Dios lamang, ang
Ama, na buhat sa kaniya ang lahat ng mga bagay, at tayo'y
sa kaniya; at isa lamang Panginoon, si Jesucristo, na sa
pamamagitan niya ang lahat ng mga bagay, at tayo'y sa
pamamagitan niya. 7 Gayon ma'y wala sa lahat ng mga tao
ang kaalamang iyan: kundi ang ilan na hanggang ngayon
ay nangamimihasa sa diosdiosan, ay kumakain na parang
isang bagay na inihain sa diosdiosan; at ang kanilang budhi
palibhasa'y mahina ay nangahahawa. 8 Datapuwa't ang
pagkain ay hindi magtataguyod sa atin sa Dios: ni hindi
tayo masama, kung tayo'y di magsikain; ni hindi tayo lalong
mabuti, kung tayo'y magsikain. 9 Datapuwa't magsipagingat
kayo baka sa anomang paraan ang inyong kalayaang ito
ay maging katitisuran sa mahihina. 10 Sapagka't kung
makita ng sinomang ikaw na may kaalaman na nakikisalo
sa pagkain sa templo ng diosdiosan, hindi baga titibay
ang kaniyang budhi, kung siya'y mahina, upang kumain ng
mga bagay na inihain sa mga diosdiosan? 11 Sapagka't
sa pamamagitan ng iyong kaalaman ay napapahamak ang
mahina, ang kapatid na dahil sa kaniya'y namatay si Cristo.
12 At sa ganitong pagkakasala laban sa mga kapatid, at

sa pagkakasugat ng kaniyang budhi kung ito'y mahina, ay
nangagkakasala kayo laban kay Cristo. 13 Kaya, kung ang
pagkain ay nakapagpapatisod sa aking kapatid, kailan man
ay hindi ako kakain ng lamang-kati, upang ako'y huwag
makapagpatisod sa aking kapatid. **(aiōn g165)**

**9** Hindi baga ako'y malaya? hindi baga ako'y apostol? hindi
ko baga nakita si Jesus na Panginoon natin? hindi baga
kayo'y gawa ko sa Panginoon? 2 Kung sa iba'y hindi ako
apostol, sa inyo man lamang ako'y gayon; sapagka't ang
tatak ng aking pagkaapostol ay kayo sa Panginoon. 3 Ito ang
aking pagsasanggalang sa mga nagsisiyasat sa akin. 4 Wala
baga kaming matuwid na magsikain at magsiinom? 5 Wala
baga kaming matuwid na magsipagsama ng isang asawa
na sumasampalataya, gaya ng iba't ibang mga apostol, at
ng mga kapatid ng Panginoon, at ni Cefas? 6 O ako baga
lamang at si Bernabe ang walang matuwid na magsitigil
ng paggawa? 7 Sinong kawal ang magpakailan pa man ay
naglilingkod sa kaniyang sariling gugol? sino ang nagtatanim
ng isang ubasan, at hindi kumakain ng bunga niyaon? o
sino ang nagpapakain sa kawan, at hindi kumakain ng
gatas ng kawan? 8 Ang mga ito baga'y sinasalita ko ayon
sa kaugalian lamang ng mga tao? o di baga sinasabi rin
naman ang gayon ng kautusan? 9 Sapagka't nasusulat sa
kautusan ni Moises, Huwag mong lalagyan ng busal ang
baka pagka gumigiik. Ang mga baka baga ay iniingatan ng
Dios, 10 O sinasabi kayang tunay ito dahil sa atin? Oo,
dahil sa atin ito sinulat: sapagka't ang nagsasaka ay dapat
magsaka sa pagasa, at ang gumigiik, ay sa pagasa na
makakabahagi. 11 Kung ipinaghasik namin kayo ng mga
bagay na ayon sa espiritu, malaking bagay baga na aming
anihin ang inyong mga bagay na ayon sa laman? 12 Kung
ang iba ay mayroon sa inyong matuwid, hindi baga lalo pa
kami? Gayon ma'y hindi namin ginamit ang matuwid na ito;
kundi aming tinitiis ang lahat ng mga bagay, upang huwag
kaming makahadlang sa evangelio ni Cristo. 13 Hindi baga
ninyo nalalaman na ang mga nagsisipangasiwa sa mga
bagay na banal, ay nagsisikain ng mga bagay na ukol sa
templo, at ang mga nagsisipaglingkod sa dambana ay mga
kabahagi ng dambana? 14 Gayon din naman ipinagutos
ng Panginoon na ang mga nagsisipangaral ng evangelio
ay dapat mangabuhay sa pamamagitan ng evangelio. 15
Nguni't ako'y hindi gumamit ng anoman sa mga bagay na ito:
at hindi ko sinusulat ang mga bagay na ito upang gawin ang
gayon sa akin; sapagka't mabuti pa sa akin ang mamatay,
kay sa pawalang kabuluhan ninoman ang aking karangalan.
16 Sapagka't kung ipinangangaral ko ang evangelio, ay wala
akong sukat ipagmapuri; sapagka't ang pangangailangan
ay iniatang sa akin; sapagka't sa aba ko kung hindi ko
ipangaral ang evangelio. 17 Sapagka't kung ito'y gawin ko
sa aking sariling kalooban, ay may ganting-pala ako: nguni't
kung hindi sa aking sariling kalooban, ay mayroon akong
isang pamamahala na ipinagkatiwala sa akin. 18 Ano nga
kaya ang aking ganting-pala? Na pagka ipinangangaral ko
ang evangelio, ay ang evangelio ay maging walang bayad,
upang huwag kong gamiting lubos ang aking karapatan
sa evangelio. 19 Sapagka't bagaman ako ay malaya sa
lahat ng mga tao, ay napaalipin ako sa lahat, upang ako'y
makahikayat ng lalong marami. 20 At sa mga Judio, ako'y
nagaring tulad sa Judio, upang mahikayat ko ang mga Judio;
sa mga nasa ilalim ng kautusan ay gaya ng nasa ilalim ng
kautusan, bagaman wala ako sa ilalim ng kautusan upang
mahikayat ang mga nasa ilalim ng kautusan; 21 Sa mga
walang kautusan, ay tulad sa walang kautusan, bagama't
hindi ako walang kautusan sa Dios, kundi nasa ilalim ng
kautusan ni Cristo, upang mahikayat ko ang mga walang
kautusan. 22 Sa mga mahihina ako'y nagaring mahina,
upang mahikayat ko ang mahihina: sa lahat ng mga bagay ay
nakibagay ako sa lahat ng mga tao, upang sa lahat ng mga
paraan ay mailigtas ko ang ilan. 23 At ginawa ko ang lahat
ng mga bagay dahil sa evangelio, upang ako'y makasamang
makabahagi nito. 24 Hindi baga ninyo nalalaman na ang mga
nagsisitakbo sa takbuhan ay tumatakbong lahat, nguni't iisa
lamang ang tumatanggap ng ganting-pala? Magsitakbo kayo
ng gayon; upang magsipagtamo kayo. 25 At ang bawa't tao
na nakikipaglaban sa mga palaruan ay mapagpigil sa lahat
ng mga bagay. Ginagawa nga nila ito upang magsipagtamo
ng isang putong na may pagkasira; nguni't tayo'y niyaong
walang pagkasira. 26 Ako nga'y tumatakbo sa ganitong
paraan, na hindi gaya ng nagsasapalaran; sa ganito rin
ako'y sumusuntok, na hindi gaya ng sumusuntok sa hangin:
27 Nguni't hinahampas ko ang aking katawan, at aking
sinusupil: baka sakaling sa anomang paraan, pagkapangaral
ko sa iba, ay ako rin ay itakuwil.

**10** Sapagka't hindi ko ibig mga kapatid, na di ninyo
maalaman, na ang ating mga magulang ay nangapasa
ilalim ng alapaap, at ang lahat ay nagsitawid sa dagat; 2
At lahat ay nangabautismuhan kay Moises sa alapaap at
sa dagat; 3 At lahat ay nagsikain ng isang pagkain ding
ayon sa espiritu; 4 At lahat ay nagsiinom ng isang inumin
ding ayon sa espiritu; sapagka't nagsiinom sa batong ayon
sa espiritu na sumunod sa kanila: at ang batong yaon ay
si Cristo. 5 Bagaman ang karamihan sa kanila ay hindi
nakalugod sa Dios; sapagka't sila'y ibinuwal sa ilang. 6 Ang
mga bagay na ito nga'y pawang naging mga halimbawa sa
atin, upang huwag tayong magsipagnasa ng mga bagay
na masama na gaya naman nila na nagsipagnasa. 7 Ni
huwag din naman kayong mapagsamba sa mga diosdiosan,
gaya niyaong ilan sa kanila; ayon sa nasusulat, Naupo

ang bayan upang magsikain at magsiinom, at nagsitindig
upang magsipagsayaw. 8 Ni huwag din naman tayong
makiapid, na gaya ng ilan sa kanila na nangakiapid, at ang
nangabuwal sa isang araw ay dalawangpu at tatlong libo. 9
Ni huwag din naman nating tuksuhin ang Panginoon, na
gaya ng pagkatukso ng ilan sa kanila, at nangapahamak
sa pamamagitan ng mga ahas. 10 Ni huwag din kayong
mangagbulongbulungan, na gaya ng ilan sa kanila na
nangagbulungan, at nangapahamak sa pamamagitan ng
mga mangwawasak. 11 Ang mga bagay na ito nga'y nangyari
sa kanila na pinakahalimbawa; at pawang nangasulat sa
pagpapaalaala sa atin, na mga dinatnan ng katapusan ng
mga panahon. **(aiōn g165)** 12 Kaya't ang may akalang siya'y
nakatayo, magingat na baka mabuwal. 13 Hindi dumating
sa inyo ang anomang tukso kundi yaong matitiis ng tao:
datapuwa't tapat ang Dios, na hindi niya itutulot na kayo'y
tuksuhin ng higit sa inyong makakaya; kundi kalakip din ng
tukso ay gagawin naman ang paraan ng pagilag, upang
ito'y inyong matiis. 14 Kaya, mga minamahal ko, magsitakas
kayo sa pagsamba sa diosdiosan. 15 Ako'y nagsasalitang
tulad sa marurunong; hatulan ninyo ang sinasabi ko. 16
Ang saro ng pagpapala na ating pinagpapala, hindi baga
siyang pakikipagkaisa ng dugo ni Cristo? Ang tinapay na
ating pinagpuputolputol, hindi baga siyang pakikipagkaisa
ng katawan ni Cristo? 17 Bagaman tayo'y marami, ay iisa
lamang tinapay, iisang katawan: sapagka't tayong lahat ay
nakikibahagi sa isa lamang tinapay. 18 Tingnan ninyo ang
Israel na ayon sa laman: ang mga nagsisikain baga ng mga
hain ay wala kayang pakikipagkaisa sa dambana? 19 Ano
ang aking sinasabi? na ang hain baga sa mga diosdiosan
ay may kabuluhan? o ang diosdiosan ay may kabuluhan?
20 Subali't sinasabi ko, na ang mga bagay na inihahain
ng mga Gentil, ay kanilang inihahain sa mga demonio, at
hindi sa Dios: at di ko ibig na kayo'y mangagkaroon ng
pakikipagkaisa sa mga demonio. 21 Hindi ninyo maiinuman
ang saro ng Panginoon, at ang saro ng mga demonio: kayo'y
hindi maaaring makisalo sa dulang ng Panginoon, at sa
dulang ng mga demonio. 22 O minumungkahi baga natin sa
paninibugho ang Panginoon? tayo baga'y lalong malakas
kay sa kaniya? 23 Lahat ng mga bagay ay matuwid; nguni't
hindi ang lahat ng mga bagay ay nararapat. Lahat ng mga
bagay ay matuwid; nguni't hindi ang lahat ng mga bagay
ay makapagpapatibay. 24 Huwag hanapin ninoman ang sa
kaniyang sarili, kundi ang ikabubuti ng kapuwa. 25 Lahat ng
ipinagbibili sa pamilihan ay kanin ninyo, at huwag kayong
magsipagtanong ng anoman dahilan sa budhi; 26 Sapagka't
ang lupa ay sa Panginoon, at ang kabuuan ng naririto. 27
Kung kayo'y aanyayahan ng isang hindi sumasampalataya,
at ibig ninyong pumaroon; ang anomang ihain sa inyo ay
kanin ninyo, at huwag kayong magsipagtanong ng anoman
dahilan sa budhi. 28 Datapuwa't kung sa inyo'y may magsabi,
Ito'y inihandog na hain, ay huwag ninyong kanin, dahilan
doon sa nagpahayag at dahilan sa budhi; 29 Budhi, sinasabi
ko, hindi ang inyong sarili, kundi ang sa iba; sapagka't bakit
hahatulan ang kalayaan ng budhi ng iba? 30 Kung nakikisalo
ako na may pagpapasalamat, bakit ako'y aalipustain ng
dahil sa aking ipinagpapasalamat? 31 Kaya kung kayo'y
nagsisikain man, o nagsisiinom man o anoman ang inyong
ginagawa, gawin ninyo ang lahat sa ikaluluwalhati ng Dios.
32 Huwag kayong magbigay ng dahilang ikatitisod, sa mga
Judio man, sa mga Griego man, o sa iglesia man ng Dios:
33 Na gaya ko din naman, na sa lahat ng mga bagay ay
nagbibigay lugod ako sa lahat ng mga tao, na hindi ko
hinahanap ang aking sariling kapakinabangan, kundi ang sa
marami, upang sila'y mangaligtas.

**11** Maging taga tulad kayo sa akin, na gaya ko naman
kay Cristo. 2 Kayo'y aking pinupuri nga, na sa lahat ng
mga bagay ay naaalaala ninyo ako, at iniingatan ninyong
matibay ang mga turo, na gaya ng ibinigay ko sa inyo. 3
Datapuwa't ibig ko na inyong maalaman, na ang pangulo
ng bawa't lalake ay si Cristo, at ang pangulo ng babae
ay ang lalake, at ang pangulo ni Cristo ay ang Dios. 4
Ang bawa't lalaking nanalangin, o nanghuhula na may
takip ang ulo, ay niwawalan ng puri ang kaniyang ulo. 5
Datapuwa't ang bawa't babaing nananalangin o nanghuhula
na walang lambong ang kaniyang ulo, niwawalan ng puri ang
kaniyang ulo; sapagka't gaya rin ng kung kaniyang inahitan.
6 Sapagka't kung ang babae ay walang lambong, ay pagupit
naman; nguni't kung kahiyahiya sa babae ang pagupit o
paahit, ay maglambong siya. 7 Sapagka't katotohanang
ang lalake ay hindi dapat maglambong sa kaniyang ulo,
palibhasa'y larawan siya at kaluwalhatian ng Dios: nguni't
ang babae ay siyang kaluwalhatian ng lalake. 8 Sapagka't
ang lalake ay hindi sa babae; kundi ang babae ay sa
lalake: 9 Sapagka't hindi nilalang ang lalake dahil sa
babae; kundi ang babae dahil sa lalake; 10 Dahil dito'y
nararapat na ang babae ay magkaroon sa kaniyang ulo ng
tanda ng kapamahalaan, dahil sa mga anghel. 11 Gayon
man, ang babae ay di maaaring walang lalake at ang
lalake ay di maaaring walang babae, sa Panginoon. 12
Sapagka't kung paanong ang babae ay sa lalake, gayon din
naman ang lalake ay sa pamamagitan ng babae; datapuwa't
ang lahat ng mga bagay ay sa Dios. 13 Hatulan ninyo
sa inyo-inyong sarili: nararapat baga na manalangin ang
babae sa Dios nang walang lambong? 14 Hindi baga
ang katalagahan din ang nagtuturo sa inyo, na kung may
mahabang buhok ang lalake, ay mahalay sa kaniya? 15
Datapuwa't kung ang babae ang may mahabang buhok,

ay isang kapurihan niya; sapagka't ang buhok sa kaniya'y
ibinigay na pangtakip. 16 Datapuwa't kung tila mapagtunggali
ang sinoman, walang gayong ugali kami, ni ang iglesia man
ng Dios. 17 Datapuwa't sa pagtatagubilin sa inyo nito, ay
hindi ko kayo pinupuri, sapagka't kayo'y nangagkakatipon
hindi sa lalong mabuti kundi sa lalong masama. 18 Sapagka't
unauna'y nababalitaan ko na kung nangagkakatipon kayo sa
iglesia, ay mayroon sa inyong mga pagkakabahabahagi;
at may kaunting paniniwala ako. 19 Sapagka't tunay na sa
inyo'y mayroong mga hidwang pananampalataya, upang
yaong mga napatunayan na ay mangahayag sa inyo. 20
Kung kayo nga ay nangagkakatipon, ay hindi kayo maaaring
magsikain ng hapunan ng Panginoon; 21 Sapagka't sa
inyong pagkain, ang bawa't isa'y kumukuha ng kanikaniyang
sariling hapunan na nagpapauna sa iba; at ang isa ay gutom,
at ang iba'y lasing. 22 Ano, wala baga kayong mga bahay na
inyong makakanan at maiinuman? o niwawalang halaga
ninyo ang iglesia ng Dios, at hinihiya ninyo ang mga wala ng
anoman? Ano ang aking sasabihin sa inyo? Kayo baga'y
aking pupurihin? Sa bagay na ito ay hindi ko kayo pinupuri.
23 Sapagka't tinanggap ko sa Panginoon ang ibinibigay ko
naman sa inyo; na ang Panginoong Jesus nang gabing
siya'y ipagkanulo ay dumampot ng tinapay; 24 At nang
siya'y makapagpasalamat, ay kaniyang pinagputolputol, at
sinabi, Ito'y aking katawan na pinagputolputol dahil sa inyo:
gawin ninyo ito sa pagaalaala sa akin. 25 At gayon din
naman hinawakan ang saro pagkatapos na makahapon,
na sinasabi, Ang sarong ito'y siyang bagong tipan sa aking
dugo: gawin ninyo ito sa tuwing kayo'y magsisiinom, sa
pagaalaala sa akin. 26 Sapagka't sa tuwing kanin ninyo ang
tinapay na ito, at inuman ninyo ang saro, ay inihahayag
ninyo ang pagkamatay ng Panginoon hanggang sa dumating
siya. 27 Kaya't ang sinomang kumain ng tinapay, o uminom
sa saro ng Panginoon, na di nararapat, ay magkakasala sa
katawan at dugo ng Panginoon. 28 Datapuwa't siyasatin
ng tao ang kaniyang sarili, at saka kumain ng tinapay, at
uminom sa saro. 29 Sapagka't ang kumakain at umiinom,
ay kumakain at umiinom ng hatol sa kaniyang sarili, kung
hindi niya kinikilala ang katawan ng Panginoon. 30 Dahil
dito'y marami sa inyo ang mahihina at mga masasaktin,
at hindi kakaunti ang nangatutulog. 31 Datapuwa't kung
ating kilalanin ang ating sarili, ay hindi tayo hahatulan. 32
Datapuwa't kung tayo'y hinahatulan, ay pinarurusahan tayo
ng Panginoon, upang huwag tayong mahatulang kasama
ng sanglibutan. 33 Dahil dito, mga kapatid ko, kung kayo'y
mangagsasalosalo sa pagkain, ay mangaghintayan kayo.
34 Kung ang sinoman ay magutom, kumain siya sa bahay;
upang ang inyong pagsasalosalo ay huwag maging sa
paghatol. At ang iba ay aking aayusin pagpariyan ko.

12 Ngayong tungkol sa mga kaloob na ayon sa espiritu,
mga kapatid, ay hindi ko ibig na hindi kayo makaalam.
2 Nalalaman ninyo na nang kayo'y mga Gentil pa, ay
iniligaw kayo sa mga piping diosdiosan, sa alin mang
paraang pagkahatid sa inyo. 3 Kaya't ipinatatalastas ko sa
inyo, na wala sinomang nagsasalita sa pamamagitan ng
Espiritu ng Dios ay nagsasabi, Si Jesus ay itinakwil; at wala
sinoman ay makapagsasabi, Si Jesus ay Panginoon kundi
sa pamamagitan ng Espiritu Santo. 4 Ngayo'y may iba't
ibang mga kaloob, datapuwa't iisang Espiritu. 5 At may iba't
ibang mga pangangasiwa, datapuwa't iisang Panginoon.
6 At may iba't ibang paggawa, datapuwa't iisang Dios na
gumagawa ng lahat ng mga bagay sa lahat. 7 Datapuwa't sa
bawa't isa ay ibinibigay ang paghahayag ng Espiritu, upang
pakinabangan naman. 8 Sapagka't sa isa, sa pamamagitan
ng Espiritu ay ibinibigay ang salita ng karunungan; at sa
iba'y ang salita ng kaalaman ayon din sa Espiritu: 9 Sa iba'y
ang pananampalataya, sa gayon ding Espiritu; at sa iba'y
ang mga kaloob na pagpapagaling, sa iisang Espiritu. 10 At
sa iba'y ang mga paggawa ng mga himala; at sa iba'y hula;
at sa iba'y ang pagkilala sa mga espiritu; at sa iba'y ang iba't
ibang wika; at sa iba'y ang pagpapaliwanag ng mga wika. 11
Datapuwa't ang lahat ng ito ay ginagawa ng isa at ng gayon
ding Espiritu, na binabahagi sa bawa't isa ayon sa kaniyang
ibig. 12 Sapagka't kung paanong ang katawan ay iisa, at
mayroong maraming mga sangkap, at ang lahat ng mga
sangkap ng katawan, bagama't marami, ay iisang katawan;
gayon din naman si Cristo. 13 Sapagka't sa isang Espiritu ay
binabautismuhan tayong lahat sa isang katawan, maging
tayo'y Judio o Griego, maging mga alipin o mga laya; at
tayong lahat ay pinainom sa isang Espiritu. 14 Sapagka't ang
katawan ay hindi iisang sangkap, kundi marami. 15 Kung
sasabihin ng paa, Sapagka't hindi ako kamay, ay hindi ako
sa katawan; hindi nga dahil dito'y hindi sa katawan. 16 At
kung sasabihin ng tainga, Sapagka't hindi ako mata, ay hindi
ako sa katawan; hindi nga dahil dito'y hindi sa katawan. 17
Kung ang buong katawan ay pawang mata, saan naroroon
ang pakinig? Kung ang lahat ay pawang pakinig, saan
naroroon ang pangamoy. 18 Datapuwa't ngayo'y inilagay ng
Dios ang bawa't isa sa mga sangkap ng katawan, ayon sa
kaniyang minagaling. 19 At kung ang lahat nga'y pawang
isang sangkap, saan naroroon ang katawan? 20 Datapuwa't
maraming mga sangkap nga, nguni't iisa ang katawan. 21
At hindi makapagsasabi ang mata sa kamay, Hindi kita
kinakailangan: at hindi rin ang ulo sa mga paa, Hindi ko
kayo kailangan. 22 Hindi, kundi lalo pang kailangan yaong
mga sangkap ng katawan na wari'y lalong mahihina: 23 At
yaong mga sangkap ng katawan, na inaakala nating kakaunti
ang kapurihan, sa mga ito ipinagkakaloob natin ang lalong

saganang papuri; at ang mga sangkap nating mga pangit
ay siyang may lalong saganang kagandahan; 24 Yamang
ang mga sangkap nating magaganda ay walang kailangan:
datapuwa't hinusay ng Dios ang katawan na binigyan ng
lalong saganang puri yaong sangkap na may kakulangan;
25 Upang huwag magkaroon ng pagkakabahabahagi sa
katawan; kundi ang mga sangkap ay mangagkaroon ng
magkasing-isang pagiingat sa isa't isa. 26 At kung ang isang
sangkap ay nagdaramdam, ang lahat ng mga sangkap
ay nangagdaramdam na kasama niya; o kung ang isang
sangkap ay nagkakapuri, ang lahat ng mga sangkap ay
nangagagalak na kasama niya. 27 Kayo nga ang katawan
ni Cristo, at bawa't isa'y samasamang mga sangkap niya.
28 At ang Dios ay naglagay ng ilan sa iglesia, una-una'y
mga apostol, ikalawa'y mga propeta, ikatlo'y mga guro,
saka mga himala, saka mga kaloob na pagpapagaling, mga
pagtulong, mga pamamahala, at iba't ibang mga wika. 29
Lahat baga'y mga apostol? lahat baga'y mga propeta? lahat
baga'y mga guro? lahat baga'y mga manggagawa ng mga
himala? 30 May mga kaloob na pagpapagaling baga ang
lahat? nangagsasalita baga ang lahat ng mga wika? lahat
baga ay nangagpapaliwanag? 31 Datapuwa't maningas
ninyong nasain, ang lalong dakilang mga kaloob. At itinuturo
ko sa inyo ang isang daang kagalinggalingan.

13 Kung ako'y magsalita ng mga wika ng mga tao at ng
mga anghel, datapuwa't wala akong pagibig, ay ako'y
naging tanso na tumutunog, o batingaw na umaalingawngaw.
2 At kung magkaroon ako ng kaloob na panghuhula, at
maalaman ko ang lahat ng mga hiwaga at ang lahat
ng mga kaalaman; at kung magkaroon ako ng buong
pananampalataya, na ano pa't mapalipat ko ang mga
bundok, datapuwa't wala akong pagibig, ay wala akong
kabuluhan. 3 At kung ipagkaloob ko ang lahat ng aking mga
tinatangkilik upang ipakain sa mga dukha, at kung ibigay ko
ang aking katawan upang sunugin, datapuwa't wala akong
pagibig, ay walang pakikinabangin sa akin. 4 Ang pagibig
ay mapagpahinuhod, at magandang-loob; ang pagibig ay
hindi nananaghili; ang pagibig ay hindi nagmamapuri, hindi
mapagpalalo. 5 Hindi naguugaling mahalay, hindi hinahanap
ang kaniyang sarili, hindi nayayamot, hindi inaalumana ang
masama; 6 Hindi nagagalak sa kalikuan, kundi nakikigalak sa
katotohanan; 7 Lahat ay binabata, lahat ay pinaniniwalaan,
lahat ay inaasahan, lahat ay tinitiis. 8 Ang pagibig ay
hindi nagkukulang kailan man: kahit maging mga hula,
ay mangatatapos; maging mga wika, ay titigil: maging
kaalaman, ay mawawala. 9 Sapagka't nangakakakilala
tayo ng bahagya, at nanganghuhula tayo ng bahagya; 10
Datapuwa't kung dumating ang sakdal, ang bahagya ay
matatapos. 11 Nang ako'y bata pa, ay nagsasalita akong
gaya ng bata, nagdaramdam akong gaya ng bata, nagiisip
akong gaya ng bata: ngayong maganap ang aking pagkatao,
ay iniwan ko na ang mga bagay ng pagkabata. 12 Sapagka't
ngayo'y malabo tayong nakakikita sa isang salamin; nguni't
pagkatapos ay makikita natin sa mukhaan: ngayo'y nakikilala
ko ng bahagya, nguni't pagkatapos ay makikilala ko ng gaya
naman ng pagkakilala sa akin. 13 Datapuwa't ngayo'y nanatili
ang tatlong ito: ang pananampalataya, ang pagasa, at ang
pagibig; nguni't ang pinakadakila sa mga ito ay ang pagibig.

14 Sundin ninyo ang pagibig; gayon ma'y maningas
ninyong pakanasain ang mga kaloob na ayon sa
espiritu, nguni't lalo na ang kayo'y mangakapanghula. 2
Sapagka't ang nagsasalita ng wika ay hindi sa mga tao
nagsasalita, kundi sa Dios; sapagka't walang nakauunawa
sa kaniya; kundi sa espiritu ay nagsasalita ng mga hiwaga.
3 Datapuwa't ang nanghuhula ay nagsasalita sa mga tao
sa ikatitibay, at sa ikapangangaral, at sa ikaaaliw. 4 Ang
nagsasalita ng wika, ay nagpapatibay sa sarili; nguni't ang
nanghuhula ay nagpapatibay sa iglesia. 5 Ibig ko sanang
kayong lahat ay mangagsalita ng mga wika, datapuwa't
lalo na ang kayo'y magsipanghula: at lalong dakila ang
nanghuhula kay sa nagsasalita ng mga wika, maliban na kung
siya'y magpapaliwanag upang ang iglesia ay mapagtibay. 6
Ngayon nga, mga kapatid, kung ako'y pumariyan sa inyo na
nagsasalita ng mga wika, anong inyong pakikinabangin sa
akin, maliban na kung kayo'y pagsalitaan ko sa pamamagitan
ng pahayag, o ng kaalaman, o ng panghuhula, o ng aral? 7
Kahit ang mga bagay na walang buhay, na nagsisitunog,
maging plauta, o alpa, kundi bigyan ng pagkakaiba ang
mga tunog, paanong malalaman kung ano ang tinutugtog sa
plauta o sa alpa? 8 Sapagka't kung ang pakakak ay tumunog
na walang katiyakan, sino ang hahanda sa pakikibaka? 9
Gayon din naman kayo, kung hindi ipinangungusap ninyo
ng dila ang mga salitang madaling maunawaan, paanong
matatalos ang inyong sinasalita? sapagka't sa hangin kayo
magsisipagsalita. 10 Halimbawa, mayroon ngang iba't ibang
mga tinig sa sanglibutan, at walang di may kahulugan.
11 Kung hindi ko nga nalalaman ang kahulugan ng tinig,
magiging barbaro ako sa nagsasalita, at ang nagsasalita
ay magiging barbaro sa akin. 12 Gayon din naman kayo,
na yamang kayo'y mapagsikap sa mga kaloob na ayon
sa espiritu ay pagsikapan ninyong kayo'y magsisagana sa
ikatitibay ng iglesia. 13 Kaya't ang nagsasalita ng wika ay
manalangin na siya'y makapagpaliwanag. 14 Sapagka't
kung ako'y nananalangin sa wika, ay nananalangin ang
aking espiritu, datapuwa't ang aking pagiisip ay hindi
namumunga. 15 Ano nga ito? Mananalangin ako sa espiritu,
at mananalangin din naman ako sa pagiisip: aawit ako
sa espiritu, at aawit din naman ako sa pagiisip. 16 Sa

ibang paraan, kung ikaw ay nagpupuri sa espiritu, ang nasa
kalagayan ng di marunong, paanong siya'y makapagsasabi
ng Siya nawa, sa iyong pagpapasalamat, palibhasa'y hindi
nalalaman ang inyong sinasabi? 17 Sapagka't ikaw sa
katotohanan ay nagpapasalamat kang mabuti, datapuwa't
ang iba'y hindi napapagtibay. 18 Nagpapasalamat ako sa
Dios, na ako'y nagsasalita ng mga wika na higit kay sa
inyong lahat: 19 Nguni't sa iglesia ibig ko pang magsalita
ng limang salita ng aking pagiisip, upang makapagturo ako
naman sa iba, kay sa magsalita ng sangpung libong salita sa
wika. 20 Mga kapatid, huwag kayong mangagpakabata sa
pagiisip; gayon ma'y sa kahalayan ay mangagpakasanggol
kayo, datapuwa't sa pagiisip kayo'y mangagpakatao. 21
Sa kautusan ay nasusulat, sa pamamagitan ng mga taong
may iba't ibang wika, at sa pamamagitan ng mga labi
ng mga taga ibang lupa ay magsasalita ako, sa bayang
ito: at gayon ma'y hindi ako pakikinggan nila, ang sabi
ng Panginoon. 22 Kaya nga ang mga wika ay pinaka
tanda, hindi sa mga nagsisisampalataya; kundi sa mga hindi
nagsisisampalataya; nguni't ang panghuhula ay hindi sa mga
hindi nagsisisampalataya, kundi sa mga nagsisisampalataya.
23 Kung ang buong iglesia nga'y magkatipon sa isang dako at
lahat ay mangagsalita ng mga wika, at mangagsipasok ang
mga hindi marurunong o hindi mga nagsisisampalataya, hindi
baga nila sasabihing kayo'y mga ulol? 24 Datapuwa't kung
ang lahat ay nagsisipanghula, at may pumasok na isang
hindi sumasampalataya, o hindi marunong, mahihikayat siya
ng lahat, masisiyasat siya ng lahat; 25 Ang mga lihim ng
kaniyang puso ay nahahayag; at sa gayo'y magpapatirapa
siya at sasamba sa Dios, na sasabihing tunay ngang ang
Dios ay nasa gitna ninyo. 26 Ano nga ito, mga kapatid?
Pagka kayo'y nangagkakatipon ang bawa't isa sa inyo'y may
isang awit, may isang aral, may isang pahayag, may wika,
may isang pagpapaliwanag. Gawin ninyo ang lahat ng mga
bagay sa ikatitibay. 27 Kung nagsasalita ang sinoman ng
wika, maging dalawa, o huwag higit sa tatlo, at sunodsunod;
at ang isa'y magpaliwanag: 28 Datapuwa't kung walang
tagapagpaliwanag ay tumahimik siya sa iglesia; at siya'y
magsalita sa kaniyang sarili, at sa Dios. 29 At ang dalawa
o tatlo sa mga propeta ay magsipagsalita, at ang mga
iba'y mangagsiyasat. 30 Datapuwa't kung may ipinahayag
na anoman sa isang nauupo, ay tumahimik ang nauuna.
31 Sapagka't kayong lahat ay makapanghuhulang isa-isa,
upang ang lahat ay mangatuto, at ang lahat ay maaralan; 32
At ang mga espiritu ng mga propeta ay nasasakupan ng mga
propeta; 33 Sapagka't ang Dios ay hindi Dios ng kaguluhan,
kundi ng kapayapaan. Gaya sa lahat ng mga iglesia ng mga
banal, 34 Ang mga babae ay magsitahimik sa mga iglesia:
sapagka't sila'y walang kapahintulutang mangagsalita; kundi
sila'y pasakop, gaya naman ng sinasabi ng kautusan. 35 At
kung ibig nilang maalaman ang anomang bagay, magtanong
sila sa kanilang asawa sa bahay; sapagka't mahalay na ang
isang babae ay magsalita sa iglesia. 36 Ano? lumabas baga
mula sa inyo ang salita ng Dios? o sa inyo lamang dumating?
37 Kung iniisip ninoman na siya'y propeta, o ayon sa espiritu,
ay kilalanin niya ang mga bagay na sa inyo'y isinusulat ko,
na pawang utos ng Panginoon. 38 Datapuwa't kung ang
sinoman ay mangmang, ay manatili siyang mangmang. 39
Kaya nga, mga kapatid ko, maningas na pakanasain ninyong
makapanghula, at huwag ninyong ipagbawal ang magsalita
ng mga wika. 40 Datapuwa't gawin ninyong may karapatan
at may kaayusan ang lahat ng mga bagay.

**15** Ngayo'y ipinatatalastas ko sa inyo, mga kapatid, ang
evangelio na sa inyo'y aking ipinangaral, na inyo
namang tinanggap, na siya naman ninyong pinananatilihan,
2 Sa pamamagitan naman nito'y ligtas kayo kung matiyaga
ninyong iingatan ang salitang ipinangaral ko sa inyo, maliban
na kung kayo'y nagsipanampalataya nang walang kabuluhan.
3 Sapagka't ibinigay ko sa inyo una sa lahat, ang akin
namang tinanggap: na si Cristo ay namatay dahil sa ating
mga kasalanan, ayon sa mga kasulatan, 4 At siya'y inilibing;
at siya'y muling binuhay nang ikatlong araw ayon sa mga
kasulatan; 5 At siya'y napakita kay Cefas, at saka sa
labingdalawa; 6 Pagkatapos ay napakita sa mahigit na
limang daang kapatid na paminsan, na ang karamihan sa
mga ito'y nangabubuhay hanggang ngayon, datapuwa't ang
mga iba'y nangatulog na; 7 Saka napakita kay Santiago;
at saka sa lahat ng mga apostol; 8 At sa kahulihulihan,
tulad sa isang ipinanganak sa di kapanahunan, ay napakita
naman siya sa akin. 9 Ako nga ang pinakamaliit sa mga
apostol, at hindi ako karapatdapat na tawaging apostol,
sapagka't pinagusig ko ang iglesia ng Dios. 10 Datapuwa't
sa pamamagitan ng biyaya ng Dios, ako nga'y ako; at ang
kaniyang biyaya na ibinigay sa akin ay hindi nawawalan
ng kabuluhan; bagkus ako'y malabis na nagpagal kay
sa kanilang lahat: bagaman hindi ako, kundi ang biyaya
ng Dios na sumasa akin. 11 Maging ako nga o sila, ay
gayon ang aming ipinangangaral, at gayon ang inyong
sinampalatayanan. 12 Kung si Cristo nga'y ipinangangaral
na siya'y muling binuhay sa mga patay, bakit ang ilan sa
inyo ay nagsisipagsabi na walang pagkabuhay na maguli ng
mga patay? 13 Datapuwa't kung walang pagkabuhay na
maguli ng mga patay, ay hindi rin nga muling binuhay si
Cristo: 14 At kung si Cristo'y hindi muling binuhay, ay walang
kabuluhan nga ang aming pangangaral, wala rin namang
kabuluhan ang inyong pananampalataya. 15 Oo, at kami
ay nasusumpungang mga saksing bulaan tungkol sa Dios;
sapagka't aming sinasaksihan tungkol sa Dios, na kaniyang

muling binuhay si Cristo; na hindi siyang muling nabuhay,
kung tunay nga ang mga patay ay hindi muling binubuhay.
16 Sapagka't kung hindi muling binubuhay ang mga patay,
ay hindi rin nga muling binuhay si Cristo: 17 At kung si
Cristo ay hindi muling binuhay, ang inyong pananampalataya
ay walang kabuluhan kayo'y nasa inyong mga kasalanan
pa. 18 Kung gayon nga, ang mga nangatutulog din naman
kay Cristo ay pawang nangapahamak. 19 Kung sa buhay
lamang na ito tayo nagsisiasa kay Cristo, ay tayo sa lahat
ng mga tao ang lalong kahabaghabag. 20 Datapuwa't si
Cristo nga'y muling binuhay sa mga patay na siya ay naging
pangunahing bunga ng nangatutulog. 21 Sapagka't yamang
sa pamamagitan ng tao'y dumating ang kamatayan, sa
pamamagitan din naman ng tao'y dumating ang pagkabuhay
na maguli sa mga patay. 22 Sapagka't kung paanong kay
Adam ang lahat ay nangamamatay, gayon din naman kay
Cristo ang lahat ay bubuhayin. 23 Datapuwa't ang bawa't isa'y
sa kaniyang sariling katayuan; si Cristo ang pangunahing
bunga; pagkatapos ay ang mga kay Cristo, sa kaniyang
pagparito. 24 Kung magkagayo'y darating ang wakas, pagka
ibibigay na niya ang kaharian sa Dios, sa makatuwid baga'y
sa Ama; pagka lilipulin na niya ang lahat ng paghahari, at
lahat ng kapamahalaan at kapangyarihan. 25 Sapagka't
kinakailangang siya'y maghari hanggang mailagay niya
sa ilalim ng kaniyang mga talampakan ang lahat niyang
mga kaaway. 26 Ang kahulihulihang kaaway na lilipulin
ay ang kamatayan. 27 Sapagka't kaniyang pinasuko ang
lahat ng mga bagay sa ilalim ng kaniyang paa. Datapuwa't
kung sinasabi, ang lahat ng mga bagay ay pinasuko, ay
maliwanag na itinangi yaong nagpasuko ng lahat ng mga
bagay sa kaniya. 28 At kung ang lahat ng mga bagay ay
mapasuko na sa kaniya, kung magkagayo'y ang Anak rin ay
pasusukuin naman sa nagpasuko ng lahat ng mga bagay
sa kaniya, upang ang Dios ay maging lahat sa lahat. 29
Sa ibang paraan, anong gagawin ng mga binabautismuhan
dahil sa mga patay? Kung ang mga patay ay tunay na hindi
muling binubuhay, bakit nga sila'y binabautismuhan dahil sa
kanila? 30 Bakit baga naman tayo'y nanganganib bawa't
oras? 31 Ipinahahayag ko alangalang sa ikaluluwalhati ninyo,
mga kapatid, na taglay ko kay Cristo Jesus na Panginoon
natin na araw-araw ay nasa panganib ng kamatayan ako.
32 Kung ako'y nakipagbaka sa Efeso laban sa mga ganid,
ayon sa kaugalian ng tao, ano ang pakikinabangin ko?
Kung ang mga patay ay hindi muling binubuhay, magsikain
at magsiinom tayo yamang bukas tayo'y mangamamatay.
33 Huwag kayong padaya: Ang masasamang kasama ay
sumisira ng magagandang ugali. 34 Gumising kayo ng ayon
sa katuwiran, at huwag mangagkasala; sapagka't may mga
ibang walang pagkakilala sa Dios: sinasabi ko ito upang
kayo'y kilusin sa kahihiyan. 35 Datapuwa't sasabihin ng
iba, Paanong muling bubuhayin ang mga patay? at anong
anyo ng katawan ang iparirito nila? 36 Ikaw na mangmang,
ang inyong inihahasik ay hindi binubuhay maliban na kung
mamatay: 37 At ang iyong inihahasik ay hindi mo inihahasik
ang katawang lilitaw, kundi ang butil lamang, na marahil ay
trigo, o ibang bagay; 38 Datapuwa't ang Dios ay nagbibigay
ng katawan dito ayon sa kaniyang minagaling, at sa bawa't
binhi ay ang sariling katawan. 39 Hindi ang lahat ng laman
ay magkasing-isang laman: kundi may laman sa mga tao, at
ibang laman sa mga hayop, at ibang laman sa mga ibon,
at ibang laman sa mga isda. 40 Mayroon namang mga
katawang ukol sa langit, at mga katawang ukol sa lupa:
datapuwa't iba ang kaluwalhatian ng ukol sa langit, at iba
ang ukol sa lupa. 41 Iba ang kaluwalhatian ng araw, at
iba ang kaluwalhatian ng buwan, at iba ang kaluwalhatian
ng mga bituin; sapagka't ang isang bituin ay naiiba sa
ibang bituin sa kaluwalhatian. 42 Gayon din naman ang
pagkabuhay na maguli ng mga patay. Itinatanim na may
kasiraan; binubuhay na maguli na walang kasiraan; 43
Itinatanim na may pagkasiphayo; binubuhay na maguli na
may kaluwalhatian: itinatanim na may kahinaan; binubuhay
na maguli na may kapangyarihan: 44 Itinatanim na may
katawang ukol sa lupa; binubuhay na maguli na katawang
ukol sa espiritu. Kung may katawang ukol sa lupa ay may
katawang ukol sa espiritu naman. 45 Gayon din naman
nasusulat, Ang unang taong si Adam ay naging kaluluwang
buhay. Ang huling Adam ay naging espiritung nagbibigay
buhay. 46 Bagaman ang ukol sa espiritu ay hindi siyang una,
kundi ang ukol sa lupa: pagkatapos ang ukol sa espiritu. 47
Ang unang tao ay taga lupa na ukol sa lupa: ang ikalawang
tao ay taga langit. 48 Kung ano ang ukol sa lupa, ay gayon
din naman silang mga taga lupa: at kung ano ang ukol
sa langit ay gayon din naman silang taga langit. 49 At
kung paanong tinaglay natin ang larawang ukol sa lupa,
ay tataglayin din naman natin ang larawang ukol sa langit.
50 Sinasabi ko nga ito, mga kapatid, na ang laman at ang
dugo ay hindi makapagmamana ng kaharian ng Dios; ni ang
kasiraan ay magmamana ng walang kasiraan. 51 Narito,
sinasaysay ko sa inyo ang isang hiwaga: hindi tayong lahat
ay mangatutulog, nguni't tayong lahat ay babaguhin, 52 Sa
isang sangdali, sa isang kisap-mata, sa huling pagtunog
ng pakakak: sapagka't tutunog ang pakakak, at ang mga
patay ay mangabubuhay na maguli na walang kasiraan,
at tayo'y babaguhin. 53 Sapagka't kinakailangan na itong
may kasiraan ay magbihis ng walang kasiraan, at itong
may kamatayan ay magbihis ng walang kamatayan. 54
Datapuwa't pagka itong may kasiraan ay mabihisan ng
walang kasiraan, at itong may kamatayan ay mabihisan ng

walang kamatayan, kung magkakagayon ay mangyayari
ang wikang nasusulat, Nilamon ng pagtatagumpay ang
kamatayan. 55 Saan naroon, Oh kamatayan, ang iyong
pagtatagumpay? Saan naroon, Oh kamatayan, ang iyong
tibo? **(Hadēs g86)** 56 Ang tibo ng kamatayan ay ang kasalanan;
at ang kapangyarihan ng kasalanan ay ang kautusan: 57
Datapuwa't salamat sa Dios, na nagbibigay sa atin ng
pagtatagumpay sa pamamagitan ng ating Panginoong
Jesucristo. 58 Kaya nga, mga kapatid kong minamahal,
kayo'y magsitatag, huwag makilos, na laging sumasagana
sa gawa ng Panginoon, yamang nalalaman ninyo na hindi
walang kabuluhan ang inyong gawa sa Panginoon.

**16** Ngayon tungkol sa ambagan sa mga banal, ay gawin
din naman ninyong gaya ng iniutos ko sa mga iglesia
ng Galacia. 2 Tuwing unang araw ng sanglinggo ang
bawa't isa sa inyo ay magbukod na magsimpan, ayon sa
kaniyang iginiginhawa, upang huwag nang gumawa ng
mga ambagan sa pagpariyan ko. 3 At pagdating ko, ang
sinomang inyong mamagalingin, ay sila ang aking susuguin
na may mga sulat upang makapagdala ng inyong abuloy
sa Jerusalem: 4 At kung nararapat na ako naman ay
pumaroon, sila'y isasama ko. 5 Nguni't ako'y paririyan sa
inyo, pagkaraan ko sa Macedonia; sapagka't magdaraan
ako sa Macedonia; 6 Datapuwa't marahil ako'y matitira sa
inyo o makikisama sa inyo sa taginaw, upang ako'y tulungan
ninyo sa aking paglalakbay saan man ako pumaroon.
7 Sapagka't hindi ko ibig na kayo'y makita ngayon sa
paglalakbay; sapagka't inaasahan kong ako'y makikisama
sa inyong kaunting panahon, kung itutulot ng Panginoon. 8
Datapuwa't ako'y titigil sa Efeso hanggang sa Pentecostes;
9 Sapagka't sa akin ay nabuksan ang isang pintuang malaki
at mapapakinabangan, at marami ang mga kaaway. 10
Ngayon kung dumating si Timoteo, ingatan ninyo na siya'y
mapasainyo na walang pangamba; sapagka't ginagawa
niya ang gawain ng Panginoon, na gaya ko rin naman:
11 Sinoman nga ay huwag humamak sa kaniya. Kundi
tulungan ninyo siyang payapa sa kaniyang paglalakbay,
upang siya'y makaparito sa akin: sapagka't inaasahan
ko siya'y kasama ng mga kapatid. 12 Nguni't tungkol
sa kapatid na si Apolos, ay ipinamanhik ko sa kaniyang
malabis na siya'y pumariyan sa inyong kasama ng mga
kapatid: at sa anomang paraan ay hindi niya kalooban na
pumariyan ngayon; nguni't paririyan pagkakaroon niya ng
panahon. 13 Magsipagingat kayo, mangagpakatibay kayo
sa pananampalataya, kayo'y mangagpakalalake, kayo'y
mangagpakalakas. 14 Gawin ninyo sa pagibig ang lahat
ninyong ginagawa. 15 Ipinamamanhik ko nga sa inyo,
mga kapatid (nalalaman ninyo na ang sangbahayan ni
Estefanas ay siyang pangunahing bunga ng Acaya, at
nangagsitalaga sa paglilingkod sa mga banal), 16 Na kayo'y
pasakop naman sa mga gayon, at sa bawa't tumutulong sa
gawa at nagpapagal. 17 At ikinagagalak ko ang pagdating
ni Estefanas at ni Fortunato at ni Acaico: sapagka't ang
kakulangan ninyo ay pinunan nila. 18 Sapagka't inaliw nila
ang aking espiritu at ang inyo: magsikilala nga kayo sa mga
gayon. 19 Binabati kayo ng mga iglesia sa Asia. Kayo'y
binabating malabis sa Panginoon ni Aquila at ni Prisca pati
ng iglesiang nasa kanilang bahay. 20 Binabati kayo ng lahat
ng mga kapatid. Kayo'y mangagbatian ng halik na banal. 21
Ang bati ko, ni Pablo na sinulat ng aking sariling kamay. 22
Kung ang sinoman ay hindi umiibig sa Panginoon, ay maging
takuwil siya. Maranatha. 23 Ang biyaya ng Panginoong
Jesucristo ay sumainyo nawa. 24 Ang aking pagibig kay
Cristo Jesus ay sumainyo nawang lahat. Siya nawa.

# 2 Mga Corinto

1 Si Pablo, na Apostol ni Cristo Jesus sa pamamagitan
ng kalooban ng Dios, at si Timoteo, na ating kapatid
sa Iglesia ng Dios na nasa Corinto, kalakip ng lahat ng
mga banal na nasa buong Acaya. 2 Sumainyo nawa ang
biyaya at kapayapaang mula sa Dios na ating Ama at sa
Panginoong Jesucristo. 3 Purihin nawa ang Dios at Ama ng
ating Panginoong Jesucristo, ang Ama ng mga kaawaan
at Dios ng buong kaaliwan; 4 Na siyang umaaliw sa atin
sa lahat ng kapighatian, upang ating maaliw ang nangasa
anomang kapighatian, sa pamamagitan ng pagaliw na inialiw
din sa atin ng Dios. 5 Sapagka't kung paanong sumasagana
sa atin ang mga sakit ni Cristo, ay gayon din naman ang
aming kaaliwan ay sumasagana sa pamamagitan ni Cristo.
6 Datapuwa't maging kami man ay mapighati, ay para sa
inyong kaaliwan at kaligtasan; o maging kami man ay
maaliw ay para sa inyong kaaliwan, na siyang gumagawa sa
pagdadalitang may pagtitiis ng mga gayon ding pagbabata
na amin namang binabata: 7 At ang aming pagasa tungkol
sa inyo ay matibay; yamang nalalaman na kung paanong
kayo'y mga karamay sa mga sakit, ay gayon din naman
kayo sa kaaliwan. 8 Hindi namin ibig na kayo'y di makaalam,
mga kapatid, ng tungkol sa mga kapighatian namin na
nangyari sa Asia, na kami ay totoong nabigatan, ng higit
sa aming kaya, ano pa't kami ay nawalan na ng pagasa
sa buhay: 9 Oo, kami'y nagkaroon sa aming sarili ng hatol
sa kamatayan, upang huwag kaming magkatiwala sa amin
ding sarili, kundi sa Dios na bumubuhay na maguli ng
mga patay: 10 Na siyang sa amin ay nagligtas sa gayong
lubhang malaking kamatayan, at nagliligtas: na siya naming
inaasahan na siya namang magliligtas pa sa amin; 11
Kayo naman na nagsisitulong ng inyong panalangin na
patungkol sa amin; upang dahil sa kaloob na ipinagkaloob
sa amin sa pamamagitan ng marami, ay makapagpasalamat
ang maraming tao dahil sa amin. 12 Sapagka't ang aming
pagmamapuri ay ito, ang pagpapatotoo ng aming budhi,
ayon sa kabanalan at pagtatapat sa Dios, hindi ayon sa
karunungan ng laman, kundi sa biyaya ng Dios, na kami'y
nagugali ng gayon sa sanglibutan at lalong sagana pa nga
sa inyo. 13 Sapagka't hindi namin kayo sinusulatan ng ibang
mga bagay, maliban na sa inyong binabasa, o kinikilala, at
umaasa ako na inyong kikilalanin hanggang sa katapusan:
14 Gaya naman ng inyong bahagyang pagkilala sa amin, na
kami'y inyong kapurihan, gayon din naman kayo'y sa amin,
sa araw ng Panginoong si Jesus. 15 At sa pagkakatiwalang
ito ay ninasa kong pumariyan muna sa inyo, upang kayo'y
mangagkaroon ng pangalawang pakinabang; 16 At magdaan
sa inyo na patungo sa Macedonia, at muling buhat sa
Macedonia ay magbalik sa inyo, at nang tulungan ninyo
ako sa paglalakbay ko sa Judea. 17 Nang nasain ko nga
ang ganito, ako baga kaya ay nagatubili? o ang mga bagay
na ninasa ko, ay mga ninasa ko baga ayon sa laman,
upang magkaroon sa akin ng oo, oo, at ng hindi, hindi? 18
Nguni't palibhasa'y ang Dios ay tapat, ang aming salita sa
inyo ay di oo at hindi. 19 Sapagka't ang Anak ng Dios, si
Jesucristo, na ipinangaral namin sa inyo, ako at si Silvano
at si Timoteo, hindi naging oo at hindi, kundi sa kaniya
ay naging oo. 20 Sapagka't maging gaano man ang mga
pangako ng Dios, ay nasa kaniya ang oo: kaya nga naman
na sa kaniya ang Siya Nawa sa ikaluluwalhati ng Dios sa
pamamagitan namin. 21 Ngayon, siya na ang nagpapatibay
sa amin na kasama ninyo kay Cristo, at nagpahid sa atin,
ay ang Dios, 22 Na siyang nagtatak naman sa atin, at
nagbigay ng patotoo ng Espiritu sa ating mga puso. 23
Datapuwa't ang Dios ang tinatawag kong maging saksi sa
aking kaluluwa, na upang huwag kayong papagdamdamin
ay hindi muna ako napariyan sa Corinto. 24 Hindi sa kami ay
may pagkapanginoon sa inyong pananampalataya, kundi
kami ay mga tagatulong sa inyong katuwaan: sapagka't sa
pananampalataya kayo'y nangagsisitatag.

2 Datapuwa't ito'y ipinasiya ko sa aking sarili, na hindi
na ako muling paririyan sa inyo na may kalumbayan. 2
Sapagka't kung kayo'y palulumbayin ko, sino nga ang sa
akin ay magpapagalak, kundi yaong pinalulumbay ko? 3
At aking isinulat ang bagay ring ito, upang pagdating ko
ay huwag akong magkaroon ng kalumbayan doon sa mga
nararapat kong ikagalak; sa pagkakatiwala sa inyong lahat,
na ang aking kagalakan ay kagalakan ninyong lahat. 4
Sapagka't sa malaking kapighatian at hapis ng puso ay
sinulatan ko kayo na may maraming luha; hindi upang kayo'y
palumbayin, kundi upang inyong makilala ang pagibig kong
napakasagana sa inyo. 5 Datapuwa't kung ang sinoman ay
nakapagpalumbay, hindi ako ang pinalumbay niya, kundi sa
isang paraan ay kayong lahat (upang huwag kong higpitang
totoo). 6 Sukat na sa gayon ang kaparusahang ito na
ipinarusa ng marami; 7 Upang bagkus ninyong patawarin
siya at aliwin siya, baka sa anomang paraan ay madaig
ang gayon ng kaniyang malabis na kalumbayan. 8 Dahil
dito'y ipinamamanhik ko sa inyo na papagtibayin ninyo
ang pagibig sa kaniya. 9 Sapagka't dahil din sa bagay na
ito ay sumulat ako, upang aking makilala ang katunayan
tungkol sa inyo, kung kayo'y mga matalimahin sa lahat
ng mga bagay. 10 Datapuwa't ang inyong pinatatawad ng
anoman ay pinatatawad ko rin naman: sapagka't ang aking
ipinatawad naman, kung ako'y nagpapatawad ng anoman,
ay dahil sa inyo, sa harapan ni Cristo; 11 Upang huwag
kaming malamangan ni Satanas: sapagka't kami ay hindi

hangal sa kaniyang mga lalang. **12** Nang ako'y dumating
nga sa Troas dahil sa evangelio ni Cristo, at nang mabuksan
sa akin ang isang pinto sa Panginoon, **13** Ay hindi ako
nagkaroon ng katiwasayan sa aking espiritu, sapagka't
hindi ko nasumpungan si Tito na kapatid ko: datapuwa't
pagkapagpaalam ko sa kanila, ako'y napasa Macedonia. **14**
Datapuwa't salamat sa Dios, na laging pinapagtatagumpay
tayo kay Cristo, at sa pamamagitan natin ay ipinahahayag
ang samyo ng pagkakilala sa kaniya sa bawa't dako. **15**
Sapagka't sa mga inililigtas, at sa mga napapahamak ay
masarap tayong samyo ni Cristo sa Dios; **16** Sa isa ay
samyo mula sa kamatayan sa ikamamatay; at sa iba ay
samyong mula sa kabuhayan sa ikabubuhay. At sino ang
sapat sa mga bagay na ito? **17** Sapagka't hindi kami gaya
ng karamihan na kinakalakal ang salita ng Dios: kundi sa
pagtatapat, at gaya ng mula sa Dios, sa harapan ng Dios ay
nagsasalita kami para kay Cristo.

**3** Pinasisimulan baga naming muli na ipagkapuri ang aming
sarili? o kami baga ay nangangailangan gaya ng iba, ng
mga sulat na papuri sa inyo, o mula sa inyo? **2** Kayo ay ang
aming sulat, na nasusulat sa aming mga puso, nakikilala
at nababasa ng lahat ng mga tao; **3** Yamang nahahayag
na kayo'y sulat ni Cristo, na pinangasiwaan namin, hindi
isinulat ng tinta, kundi ng Espiritu, ng Dios na buhay, hindi
sa mga tapyas ng bato, kundi sa mga tapyas ng pusong
laman. **4** At ang gayong pagkakatiwala sa Dios ay taglay
namin sa pamamagitan ni Cristo: **5** Hindi sa kami ay sapat
na sa aming sarili, upang isiping ang anoman ay mula sa
ganang aming sarili; kundi ang aming kasapatan ay mula sa
Dios; **6** Na sa amin naman ay nagpapaging sapat na mga
ministro ng bagong tipan; hindi ng titik, kundi ng espiritu:
sapagka't ang titik ay pumapatay, datapuwa't ang espiritu ay
nagbibigay ng buhay. **7** Nguni't kung ang pangangasiwa
ng kamatayan, na nasusulat, at nauukit sa mga bato, ay
nangyaring may kaluwalhatian, ano pa't ang mga anak
ni Israel ay hindi makatitig sa mukha ni Moises, dahil sa
kaluwalhatian ng kaniyang mukha; na ang kaluwalhatiang
ito'y lumilipas: **8** Paanong hindi lalong magkakaroon ng
kaluwalhatian ang pangangasiwa ng espiritu? **9** Sapagka't
kung ang pangangasiwa ng kahatulan ay may kaluwalhatian,
ay bagkus pa ngang higit na sagana sa kaluwalhatian ang
pangasiwang ukol sa katuwiran. **10** Sapagka't katotohanang
ang pinaluwalhati ay hindi pinaluwalhati sa bagay na ito, ng
dahil sa kaluwalhatiang sumasagana. **11** Sapagka't kung
ang lumilipas ay may kaluwalhatian, ay lalo pang nananatili
ay nasa kaluwalhatian. **12** Yaman ngang mayroong gayong
pagasa ay ginagamit namin ang buong katapangan ng
pananalita, **13** At hindi gaya ni Moises, na nagtalukbong ng
kaniyang mukha upang ang mga anak ni Israel ay huwag
magsititig sa katapusan niyaong lumilipas: **14** Datapuwa't ang
kanilang mga pagiisip ay nagsitigas: sapagka't hanggang
sa araw na ito, pagka binabasa ang matandang tipan, ang
talukbong ding iyon ay nananatili na hindi itinataas, na ito'y
naalis sa pamamagitan ni Cristo. **15** Datapuwa't hanggang sa
araw na ito, kailan ma't binabasa ang mga aklat ni Moises,
ay may isang talukbong na nakatakip sa kanilang puso. **16**
Nguni't kailan ma't magbalik sa Panginoon, ay maaalis ang
talukbong. **17** Ngayon ang Panginoon ay siyang Espiritu:
at kung saan naroroon ang Espiritu ng Panginoon, doon
ay may kalayaan. **18** Datapuwa't tayong lahat, na walang
talukbong ang mukha na tumitinging gaya ng sa isang
salamin sa kaluwalhatian ng Panginoon, ay nababago tayo
sa gayon ding larawan mula sa kaluwalhatian hanggang sa
kaluwalhatian, na gaya ng mula sa Panginoon na Espiritu.

**4** Kaya nga sa pagkakaroon namin ng ministeriong ito, ayon
sa aming tinanggap na kaawaan, ay hindi kami nanghihina.
**2** Bagkus tinanggihan namin ang mga kahiyahiyang bagay
na nangatatago, na hindi kami nagsisilakad sa katusuhan,
ni nagsisigamit man na may daya ng mga salita ng Dios;
kundi sa pagpapahayag ng katotohanan ay ipinagtatagubilin
ang aming sarili sa bawa't budhi ng mga tao sa harapan ng
Dios. **3** At kung ang aming evangelio ay natatalukbungan
pa, ay may talukbong sa mga napapahamak: **4** Na binulag
ng dios ng sanglibutang ito ang mga pagiisip ng mga hindi
nagsisisampalataya, upang sa kanila'y huwag sumilang ang
kaliwanagan ng evangelio ng kaluwalhatian ni Cristo, na
siyang larawan ng Dios. **(aiōn g165)** **5** Sapagka't hindi namin
ipinangangaral ang aming sarili, kundi si Cristo Jesus na
Panginoon, at kami ay gaya ng inyong mga alipin dahil kay
Cristo. **6** Yamang ang Dios, ang nagsabi, Magniningning ang
ilaw sa kadiliman, na siyang nagningning sa aming mga puso,
upang magbigay ng liwanag ng pagkakilala sa kaluwalhatian
ng Dios sa mukha ni Jesucristo. **7** Nguni't taglay namin
ang kayamanang ito sa mga sisidlang-lupa, upang ang
dakilang kalakhan ng kapangyarihan ay maging mula sa
Dios, at huwag mula sa aming sarili; **8** Sa magkabikabila
ay nangagigipit kami, gayon ma'y hindi nangaghihinagpis;
nangatitilihan, gayon ma'y hindi nangawawalan ng pagasa;
**9** Pinaguusig, gayon ma'y hindi pinababayaan; inilulugmok,
gayon ma'y hindi nangasisira; **10** Laging saan ma'y tinataglay
sa katawan ang kamatayan ni Jesus, upang ang buhay ni
Jesus ay mahayag naman sa aming katawan. **11** Sapagka't
kaming nangabubuhay ay laging ibinibigay sa kamatayan
dahil kay Jesus, upang ang buhay naman ni Jesus ay
mahayag sa aming lamang may kamatayan. **12** Kaya nga
ang kamatayan ay gumagawa sa amin, datapuwa't ang
buhay ay sa inyo. **13** Nguni't yamang mayroong gayon
ding espiritu ng pananampalataya, na gaya ng nasusulat,

Sumampalataya ako, at kaya't nagsalita ako; kami naman ay
nagsisisampalataya, at kaya't kami naman ay nangagsasalita;
**14** Na aming nalalaman na ang bumuhay na maguli sa
Panginoong Jesus ay siya ring bubuhay na maguli sa amin
na kalakip ni Jesus, at ihaharap kaming kasama ninyo. **15**
Sapagka't ang lahat ng mga bagay ay dahil sa inyo, upang
ang biyaya na pinarami sa pamamagitan ng marami, ay
siyang magpasagana ng pagpapasalamat sa ikaluluwalhati
ng Dios. **16** Kaya nga hindi kami nanghihimagod; bagama't
ang aming pagkataong labas ay pahina, nguni't ang aming
pagkataong loob ay nababago sa araw-araw. **17** Sapagka't
ang aming magaang kapighatian, na sa isang sangdali
lamang, ay siyang gumagawa sa amin ng lalo't lalong
bigat ng kaluwalhatiang walang hanggan; **(aiōnios g166)** **18**
Samantalang kami ay nagsisitingin hindi sa mga bagay
na nangakikita, kundi sa mga bagay na hindi nangakikita:
sapagka't ang mga bagay na nangakikita ay may katapusan;
datapuwa't ang mga bagay na hindi nangakikita ay walang
hanggan. **(aiōnios g166)**

**5** Sapagka't nalalaman namin na kung masira ang aming
bahay na tabernakulong ukol sa lupa, ay mayroong
kaming isang gusaling mula sa Dios, bahay na hindi gawa
ng mga kamay, walang hanggan, sa sangkalangitan. **(aiōnios
g166)** **2** Sapagka't tunay na sa ganito kami ay nagsisihibik,
na nangagnanasang mabihisan kami ng aming tahanang
mula sa langit: **3** Na kung mabihisan nga kami niyaon ay
hindi kami mangasusumpungang hubad. **4** Sapagka't tunay
na kaming nangasa tabernakulong ito ay nagsisihibik, na
nangabibigatan; hindi sa ninanasa naming maging hubad,
kundi ninanasa naming kami'y bihisan, upang ang may
kamatayan ay lamunin ng buhay. **5** Ngayon ang gumawa
sa amin ng bagay ding ito ay ang Dios, na nagbigay sa
amin ng patotoo ng Espiritu. **6** Kaya nga kami'y laging
malakas ang loob, at nalalaman namin na, samantalang
kami ay nangasa tahanan sa katawan, ay wala kami sa
harapan ng Panginoon. **7** (Sapagka't nagsisilakad kami sa
pamamagitan ng pananampalataya, hindi sa pamamagitan
ng paningin); **8** Na malakas ang loob namin, ang sabi ko,
at ibig pa nga namin ang mawala sa katawan, at mapasa
tahanan na kasama ng Panginoon. **9** Kaya't ang amin
namang pinagsisikapan, maging sa tahanan man o di man,
ay maging kalugodlugod kami sa kaniya. **10** Sapagka't
tayong lahat ay kinakailangang mahayag sa harapan ng
hukuman ni Cristo; upang tumanggap ang bawa't isa ng
mga bagay na ginawa sa pamamagitan ng katawan, ayon
sa ginawa niya, maging mabuti o masama. **11** Yamang
nalalaman nga ang pagkatakot sa Panginoon, ay aming
hinihikayat ang mga tao, nguni't kami ay nangahahayag sa
Dios; at inaasahan ko na kami ay nangahayag din naman sa
inyong mga budhi. **12** Hindi namin ipinagkakapuring muli
ang aming sarili sa inyo, kundi binibigyan namin kayo ng
dahilan na ikaluluwalhati ninyo dahil sa amin, upang kayo'y
mangagkaroon ng maisasagot sa mga nagpapaluwalhati sa
anyo, at hindi sa puso. **13** Sapagka't kung kami ay maging
mga ulol, ay para sa Dios; o maging kami ay mahinahon
ang pagiisip, ay para sa inyo. **14** Sapagka't ang pagibig
ni Cristo ay pumipilit sa amin; sapagka't ipinasisiya namin
ang ganito, na kung ang isa ay namatay dahil sa lahat,
kung gayo'y lahat ay nangamatay; **15** At siya'y namatay
dahil sa lahat, upang ang nangabubuhay ay huwag nang
mabuhay pa sa kanilang sarili, kundi doon sa namatay dahil
sa kanila at muling nabuhay. **16** Kaya nga mula ngayon ay
hindi namin nakikilala ang sinoman ayon sa laman: bagama't
nakilala namin si Cristo ayon sa laman, nguni't sa ngayo'y
hindi na namin nakikilala siyang gayon. **17** Kaya't kung
ang sinoman ay na kay Cristo, siya'y bagong nilalang: ang
mga dating bagay ay nagsilipas na; narito, sila'y pawang
naging mga bago. **18** Datapuwa't ang lahat ng mga bagay
ay pawang sa Dios, na pinakipagkasundo tayo sa kaniya rin
sa pamamagitan ni Cristo, at ibinigay sa amin ang ministerio
sa pagkakasundo; **19** Sa makatuwid baga'y, na ang Dios kay
Cristo ay pinakipagkasundo ang sanglibutan sa kaniya rin,
na hindi ibinibilang sa kanila ang kanilang mga kasalanan,
at ipinagkatiwala sa amin ang salita ng pagkakasundo. **20**
Kami nga'y mga sugo sa pangalan ni Cristo, na waring
namamanhik ang Dios sa pamamagitan namin: kayo'y
pinamamanhikan namin sa pangalan ni Cristo, na kayo'y
makipagkasundo sa Dios. **21** Yaong hindi nakakilala ng
kasalanan ay kaniyang inaring may sala dahil sa atin: upang
tayo'y maging sa kaniya'y katuwiran ng Dios.

**6** At yamang kalakip niyang gumagawa ay ipinamamanhik
din namin sa inyo na huwag ninyong tanggapin ang
biyaya ng Dios na walang kabuluhan. **2** (Sapagka't sinasabi
niya, Sa panahong ukol kita'y pinakinggan, At sa araw ng
pagliligtas kita'y sinaklolohan: Narito, ngayon ang panahong
ukol; narito, ngayon ang araw ng kaligtasan): **3** Na di
nagbibigay ng kadahilanang ikatitisod sa anoman, upang
ang aming ministerio ay huwag mapulaan; **4** Datapuwa't sa
lahat ng mga bagay ay ipinagkakapuri namin ang aming
sarili, gaya ng mga ministro ng Dios, sa maraming pagtitiis,
sa mga kapighatian, sa mga pangangailangan, sa mga
paghihinagpis, **5** Sa mga latay, sa mga pagkabilanggo,
sa mga kaguluhan, sa mga gawa, sa mga pagpupuyat,
sa mga pagaayuno; **6** Sa kalinisan, sa kaalaman, sa
pagpapahinuhod, sa kagandahang-loob, sa Espiritu Santo,
sa pagibig na hindi pakunwari, **7** Sa salita ng katotohanan,
sa kapangyarihan ng Dios; sa pamamagitan ng mga sandata
ng katuwiran sa kanan at sa kaliwa, **8** Sa pamamagitan

ng karangalan at ng kasiraang puri, sa pamamagitan ng
masamang ulat at ng mabuting ulat; gaya ng mga magdaraya
gayon ma'y mga mapagtapat; 9 Waring hindi mga kilala,
gayon ma'y mga kilalang mabuti; tulad sa nangaghihingalo, at
narito, kami ay nangabubuhay; gaya ng mga pinarurusahan,
at hindi pinapatay; 10 Tulad sa nangalulungkot, gayon ma'y
laging nangagagalak; tulad sa mga dukha, gayon ma'y
nangagpapayaman sa marami; gaya ng walang anomang
pag-aari, gayon ma'y mayroon ng lahat ng mga bagay. 11
Ang aming bibig ay bukas para sa inyo, Oh mga taga Corinto,
ang aming puso ay lumalaki. 12 Hindi kayo nangakasisikip sa
amin, kundi nangasisikipan kayo sa inyong sariling pagibig.
13 Kaya nga bilang ganti sa gayong bagay (nangungusap
akong gaya sa aking mga anak), ay mangagsilaki naman
kayo. 14 Huwag kayong makipamatok ng kabilan sa mga di
nagsisisampalataya: sapagka't anong pakikisama mayroon
ang katuwiran at kalikuan? o anong pakikisama mayroon ang
kaliwanagan sa kadiliman? 15 At anong pakikipagkasundo
mayroon si Cristo kay Belial? o anong bahagi mayroon
ang sumasampalataya sa di sumasampalataya? 16 At
anong pakikipagkaisa mayroon ang templo ng Dios sa mga
diosdiosan? sapagka't tayo'y templo ng Dios na buhay;
gaya ng sabi ng Dios, Mananahan ako sa kanila, at lalakad
ako sa kanila; at ako'y magiging kanilang Dios, at sila'y
magiging aking bayan. 17 Kaya nga, Magsialis kayo sa
kanila, at magsihiwalay kayo, sabi ng Panginoon, At huwag
kayong magsihipo ng mga bagay na marumi, At kayo'y
aking tatanggapin, 18 At ako sa inyo'y magiging ama, At sa
akin kayo'y magiging mga anak na lalake at babae, sabi ng
Panginoong Makapangyarihan sa lahat.

**7** Yamang taglay natin ang mga pangakong ito, mga
minamahal, ay magsipaglinis tayo sa lahat ng karumihan
ng laman at ng espiritu, na pakasakdalin ang kabanalan sa
takot sa Dios. 2 Buksan ninyo sa amin ang inyong mga puso:
hindi namin inapi ang sinoman, hindi namin ipinasama ang
sinoman, hindi namin dinaya ang sinoman. 3 Hindi ko sinasabi
ito upang kayo'y hatulan: sapagka't sinabi ko na nang una, na
kayo'y nasa aming mga puso upang magkasamang mamatay
at magkasamang mabuhay. 4 Malaki ang katapangan ko ng
pagsasalita sa inyo, malaki ang aking kapurihan dahil sa
inyo: ako'y puspos ng kaaliwan, nananagana sa katuwaan
sa lahat ng aming kapighatian. 5 Sapagka't nagsidating man
kami sa Macedonia ang aming laman ay hindi nagkaroon ng
katiwasayan, kundi sa lahat kami ay pinipighati; sa labas
ay mga pagbabaka, sa loob ay mga katakutan. 6 Gayon
man ang Dios na umaaliw sa mababababang-loob, ay kami'y
inaliw sa pamamagitan ng pagdating ni Tito; 7 At hindi
lamang sa kaniyang pagdating, kundi naman sa kaaliwan ng
inialiw sa kaniya dahil sa inyo, nang sa amin ay ibalita niya
ang inyong pananabik, ang inyong kalumbayan, ang inyong
pagmamalasakit dahil sa akin; ano pa't ako'y lubha pang
nagalak. 8 Sapagka't bagaman ako'y nakapagpalumbay
sa inyo sa aking sulat, ay hindi ko dinaramdam: bagama't
aking dinamdam (sapagka't akin ngang natatalastas na ang
sulat na yaon ay nakapagpalumbay sa inyo, bagama't sa
maikling panahon lamang), 9 Ngayo'y nagagalak ako, hindi
dahil sa inyong pagkalumbay, kundi dahil sa inyong mga
pagkalumbay na ikapagsisisi; sapagka't kayo'y pinalumbay
sa paraang ukol sa Dios, upang sa anoman ay huwag
kayong mangagkaroon ng kalugihan dahil sa amin. 10
Sapagka't ang kalumbayang mula sa Dios, ay gumagawa
ng pagsisisi sa ikaliligtas, na hindi ikalulungkot: datapuwa't
ang kalumbayang ayon sa sanglibutan ay ikamamatay. 11
Narito nga, ito rin ang inyong ikinalulumbay na mula sa
Dios, gaanong sikap na pagiingat ang sa inyo'y ginawa,
oo't gaanong pagtatanggol ng inyong sarili, oo't gaanong
pagkagalit, oo't gaanong katakutan, oo't gaanong pananabik,
oo't gaanong pagmamalasakit, oo't gaanong paghihiganti!
Sa lahat ay napakita kayong dalisay sa bagay na ito. 12
Kaya nga, bagama't ako'y sumulat sa inyo, ay hindi dahil
doon sa gumawa ng kamalian, ni dahil doon sa nagbata
ng kamalian, kundi upang maihayag sa inyo ang inyong
masikap na pagiingat sa amin sa harapan ng Dios. 13 Kaya't
kami'y pawang nangaaliw: at sa aming pagkaaliw ay bagkus
pang nangagalak kami dahil sa kagalakan ni Tito, sapagka't
ang kaniyang espiritu ay inaliw ninyong lahat. 14 Sapagka't
kung ako ay nagmapuri ng anoman sa kaniya dahil sa
inyo, ay hindi ako nahiya; datapuwa't kung paanong sinabi
namin ang lahat ng mga bagay sa inyo sa katotohanan, ay
gayon din naman ang aming pagmamapuri na ginawa ko sa
harap ni Tito ay nasumpungang totoo. 15 At ang kaniyang
pagibig ay lubha pang nanagana sa inyo, samantalang
naaalaala niya ang pagtalima ninyong lahat, kung paanong
siya'y tinanggap ninyo na may takot at panginginig. 16 Ako'y
nagagalak na sa lahat ng mga bagay ay mayroon akong
lubos na pagtitiwala sa inyo.

**8** Bukod dito, mga kapatid, ay ipinatatalastas namin sa
inyo ang biyaya ng Dios na ipinagkaloob sa mga iglesia
ng Macedonia; 2 Kung paanong sa maraming pagsubok
sa kapighatian ang kasaganaan ng kanilang katuwaan
at ang kanilang malabis na karukhaan ay sumagana sa
kayamanan ng kanilang kagandahang-loob. 3 Sapagka't
ayon sa kanilang kaya, ay nagpapatotoo ako at higit pa sa
kanilang kaya, ay nagsiabuloy sila sa sariling kalooban,
4 Na lubhang ipinamamanhik sa amin ang tungkol sa
biyayang ito at sa pakikisama sa pangangasiwa ng mga
abuloy sa mga banal: 5 At ito, ay hindi ayon sa aming
inaasahan, kundi ibinigay muna nila ang kanilang sarili

sa Panginoon, at sa amin sa pamamagitan ng kalooban
ng Dios. 6 Ano pa't namanhik kami kay Tito, na yamang
siya'y nagpasimula nang una, ay siya na rin ang gumanap
sa inyo ng biyayang ito. 7 Datapuwa't yamang kayo'y
nagsisisagana sa lahat ng mga bagay, sa pananampalataya,
at pananalita, at kaalaman, at sa buong kasipagan, at
sa inyong pagibig sa amin ay magsisagana naman kayo
sa biyayang ito. 8 Hindi ako nangungusap na tulad sa
naguutos, kundi gaya ng sumusubok sa pamamagitan ng
kasipagan ng iba ang katapatan naman ng inyong pagibig. 9
Sapagka't nalalaman ninyo ang biyaya ng ating Panginoong
Jesucristo, na, bagaman siya'y mayaman, gayon ma'y
nagpakadukha dahil sa inyo, upang sa pamamagitan ng
kaniyang karukhaan ay magsiyaman kayo. 10 At sa ganito'y
ibinibigay ko ang aking pasiya: sapagka't ito'y nararapat sa
inyo, na naunang nangagpasimula na may isang taon na,
hindi lamang sa paggawa, kundi naman sa pagnanais. 11
Datapuwa't ngayo'y tapusin din naman ninyo ang paggawa;
upang kung paanong nagkaroon ng sikap ng pagnanais,
ay gayon din namang magkaroon ng pagkatapos ayon sa
inyong kaya. 12 Sapagka't kung may sikap, ay tinatanggap
ayon sa tinataglay, hindi ayon sa di tinataglay. 13 Sapagka't
hindi ko sinasabi ito upang ang mga iba ay magaanan at
kayo'y mabigatan; 14 Kundi ayon sa pagkakapantay-pantay:
ang inyong kasaganaan ay naging abuloy sa panahong ito
sa kanilang kakulangan, upang ang kanilang kasaganaan
naman ay maging abuloy sa inyong kailangan; upang
magkaroon ng pagkakapantaypantay. 15 Gaya ng nasusulat,
Ang nagtipon ng marami ay hindi naglabis; at ang nagtipon
ng kaunti ay hindi kinulang. 16 Datapuwa't salamat sa Dios,
na naglalagay sa puso ni Tito niyaong masikap na pagiingat
sa inyo. 17 Sapagka't tunay na tinanggap niya ang aming
pamanhik, nguni't palibhasa'y lubha siyang masikap, ay
napariyan sa inyo sa kaniyang sariling kalooban. 18 At
sinugo naming kasama niya ang kapatid na ang kaniyang
kapurihan sa evangelio ay sa lahat ng mga iglesia; 19
At hindi lamang gayon, kundi siya naman ang inihalal ng
mga iglesia na maglakbay na kasama namin tungkol sa
biyayang ito, na pinangangasiwaan namin sa ikaluluwalhati
ng Panginoon, at upang ipamalas ang aming sikap: 20 Na
iniilagan ito, na sinoma'y huwag kaming sisihin tungkol sa
abuloy na ito na aming pinangangasiwaan: 21 Sapagka't
iniisip namin ang mga bagay na kapuripuri, hindi lamang
sa paningin ng Panginoon, kundi naman sa paningin ng
mga tao. 22 At aming sinugong kasama nila ang aming
kapatid, na aming nasubok na madalas na masikap sa
maraming bagay, datapuwa't ngayon ay lalo nang masikap,
dahil sa malaking pagkakatiwala niya sa inyo. 23 Kung
may magsiyasat tungkol kay Tito, siya'y aking kasama at
kamanggagawa sa pagpapagal sa inyo; o sa aming mga
kapatid, sila'y mga sugo ng mga iglesia, at kaluwalhatian
ni Cristo. 24 Inyo ngang ipakita sa kanila sa harapan ng
mga iglesia ang katunayan ng inyong pagibig, at ng aming
pagmamapuri dahil sa inyo.

9 Sapagka't tungkol sa pangangasiwa ng mga abuloy
sa mga banal, ay kalabisan na sa akin ang isulat ko
pa. 2 Sapagka't nakikilala ko ang inyong sikap, na aking
ipinagmamapuri tungkol sa inyo sa mga taga Macedonia,
na ang Acaya ay nahahandang isang taon na; at ang
inyong pagsisikap ay nakapagudyok sa lubhang marami sa
kanila. 3 Datapuwa't sinugo ko ang mga kapatid, upang ang
aming pagmamapuri dahil sa inyo ay huwag mawalan ng
kabuluhan sa bagay na ito; na, ayon sa aking sinabi, kayo'y
mangakapaghanda: 4 Baka sakaling sa anomang paraan
kung magsirating na kasama ko ang ilang taga Macedonia at
kayo'y maratnang hindi nangahahanda, kami (upang huwag
sabihing kayo) ay mangapahiya sa pagkakatiwalang ito. 5
Iniisip ko ngang kailangang ipamanhik sa mga kapatid, na
mangaunang pumariyan sa inyo, at ihanda agad ang inyong
abuloy na ipinangako nang una, upang ito'y maihanda na
gaya ng abuloy, at hindi gaya ng sapilitan. 6 Datapuwa't
sinasabi ko, Ang naghahasik ng bahagya na ay magaani
namang bahagya na; at ang naghahasik na sagana ay
magaani namang sagana. 7 Magbigay ang bawa't isa
ayon sa ipinasiya ng kaniyang puso: huwag mabigat sa
loob, o dahil sa kailangan: sapagka't iniibig ng Dios ang
nagbibigay na masaya. 8 At maaaring gawin ng Dios na ang
lahat ng biyaya ay magsisagana sa inyo; upang kayo, na
mayroong laging buong kaya sa lahat ay magsipanagana
sa bawa't mabuting gawa: 9 Gaya ng nasusulat, Siyang
nagsabog, siyang nagbigay sa mga dukha; Ang kaniyang
katuwiran ay nananatili magpakailan man. **(aiōn g165)** 10 At
ang nagbibigay ng binhi sa naghahasik at ng tinapay na
pinakapagkain, ay magbibigay at magpaparami ng inyong
binhi upang ihasik, at magdaragdag ng mga bunga ng
inyong katuwiran: 11 Yamang kayo'y pinayaman sa lahat
ng mga bagay na ukol sa lahat ng kagandahang-loob, na
nagsisigawa sa pamamagitan namin ng pagpapasalamat sa
Dios. 12 Sapagka't ang pangangasiwa sa paglilingkod na
ito ay hindi lamang tumatakip sa pangangailangan ng mga
banal, kundi naman umaapaw sa pamamagitan ng maraming
pagpapasalamat sa Dios; 13 Palibhasa'y sa pagsubok sa
inyo sa pamamagitan ng ministeriong ito ay niluluwalhati
nila ang Dios dahil sa pagtalima ng inyong pagkilala sa
evangelio ni Cristo, at dahil sa kagandahang-loob ng inyong
ambag sa kanila at sa lahat; 14 Samantalang sila rin naman,
sa panalanging patungkol sa inyo, ay nananabik sa inyo

dahil sa saganang biyaya ng Dios sa inyo. 15 Salamat sa
Dios dahil sa kaniyang kaloob na di masabi.

10 Ako ngang si Pablo ay namamanhik sa inyo alangalang
sa kaamuang-loob at kapakumbabaan ni Cristo, ako
na sa harapan ninyo ay mapagpakumbaba sa gitna ninyo,
nguni't ako'y lubhang malakas ang loob kung wala sa
harapan ninyo: 2 Oo, ako'y namamanhik sa inyo, upang kung
ako'y nahaharap ay huwag akong magpakita ng katapangang
may pagkakatiwala na ipinasiya kong ipagmatapang laban
sa ilang nagiisip sa amin, na waring kami ay nagsisilakad ng
ayon sa laman. 3 Sapagka't bagaman kami ay nagsisilakad
sa laman, ay hindi kami nangakikipagbakang ayon sa laman.
4 (Sapagka't ang mga sandata ng aming pakikilaban ay
hindi ukol sa laman, kundi sa harapan ng Dios ay may
kapangyarihang gumiba ng mga kuta); 5 Na siyang gumigiba
ng mga maling haka, at ng bawa't bagay na matayog na
nagmamataas laban sa karunungan ng Dios, at bumibihag sa
lahat ng pagiisip sa pagtalima kay Cristo; 6 At nangahahanda
upang maghiganti sa lahat ng pagsuway, kung maganap
na ang inyong pagtalima. 7 Minamasdan ninyo ang mga
bagay na nahaharap sa inyong mukha. Kung ang sinoman
ay mayroong pagkakatiwala sa kaniyang sarili na siya'y kay
Cristo, ay muling dilidilihin ito sa kaniyang sarili na, kung
paanong siya'y kay Cristo, kami naman ay gayon din. 8
Sapagka't bagaman ako ay magmapuri ng marami tungkol
sa aming kapamahalaan (na ibinigay ng Panginoon sa
ikapagtitibay sa inyo, at hindi sa ikagigiba ninyo) ay hindi ako
mapapahiya. 9 Upang huwag akong wari'y ibig ko kayong
pangilabutin sa takot sa aking mga sulat. 10 Sapagka't,
sinasabi nila, Ang kaniyang mga sulat, ay malaman at
mabisa; datapuwa't ang anyo ng kaniyang katawan ay
mahina, at ang kaniyang pananalita ay walang kabuluhan.
11 Bayaang isipin ng isang gayon ito, na, kung ano kami sa
pananalita sa mga sulat pagka kami ay wala sa harapan, ay
gayon din kami naman sa gawa pagka kami ay nahaharap.
12 Sapagka't hindi kami nangagmamatapang na makibilang
o makitulad sa mga ilan doon sa mga nagmamapuri sa
kanilang sarili: nguni't sila na sinusukat ang kanilang sarili
sa kanila rin, at kanilang itinutulad ang sarili sa kanila
rin ay mga walang unawa. 13 Datapuwa't hindi naman
ipinagmamapuri ang labis sa aming sukat, kundi ayon sa
sukat ng hangganang sa amin ay ipinamamahagi ng Dios,
na gaya ng sukat, upang umabot hanggang sa inyo. 14
Sapagka't hindi kami nagsisilagpas ng higit, na waring hindi
na namin kayo aabutin: sapagka't hanggang sa inyo naman
ay nagsirating kami sa evangelio ni Cristo: 15 Na hindi namin
ipinagmamapuri ang labis sa aming sukat, sa makatuwid
baga'y ang mga gawa ng ibang mga tao; kundi yamang may
pagasa, na ayon sa paglago ng inyong pananampalataya,
kami'y pupurihin sa inyo ayon sa aming hangganan sa lalong
kasaganaan, 16 Upang ipangaral ang evangelio sa mga dako
pa roon ng lupain ninyo, at huwag kaming mangagmapuri sa
hangganan ng iba tungkol sa mga bagay na nangahahanda
na sa amin. 17 Datapuwa't ang nagmamapuri ay magmapuri
sa Panginoon. 18 Sapagka't hindi subok ang nagtatagubilin
sa kaniyang sarili, kundi ang ipinagtatagubilin ng Panginoon.

11 Kahimanawari'y mapagtiisan ninyo ako sa kaunting
kamangmangan: nguni't tunay na ako'y inyong
pinagtitiisan. 2 Sapagka't ako'y naninibugho tungkol sa
inyo ng panibughong ukol sa Dios: sapagka't kayo'y aking
pinapagasawa sa isa, upang kayo'y maiharap ko kay Cristo
na tulad sa dalagang malinis. 3 Nguni't ako'y natatakot, baka
sa anomang paraan, kung paanong si Eva ay nadaya ng ahas
sa kaniyang katusuhan, ang inyong walang malay at malinis
na mga pagiisip na kay Cristo ay pasamain. 4 Sapagka't
kung yaong paririto ay mangaral ng ibang Jesus, na hindi
namin ipinangaral, o kung kayo'y nagsisitanggap ng ibang
espiritu na hindi ninyo tinanggap, o ibang evangelio na hindi
ninyo tinanggap, ay mabuting pagtiisan ninyo. 5 Sapagka't
inaakala kong sa anoman ay hindi ako huli sa lubhang mga
dakilang apostol. 6 Datapuwa't bagaman ako ay magaspang
sa pananalita, gayon ma'y hindi ako sa kaalaman; hindi,
kundi sa lahat ng paraan ay ipinahayag namin ito sa inyo.
7 Ako nga baga'y nagkasala sa pagpapakababa ko sa
aking sarili, upang kayo'y mangataas dahil sa ipinangaral
ko sa inyo na walang bayad ang evangelio ng Dios? 8
Aking sinamsaman ang ibang mga iglesia, sa pagtanggap
ko ng upa sa kanila, upang ipangasiwa ko sa inyo; 9
At pagka ako'y kaharap ninyo at ako'y nagkukulang ng
ikabubuhay, ako'y hindi naging pasan sa kanino man;
sapagka't mga kapatid nang sila'y manggaling sa Macedonia
ay tumakip ng aming pangangailangan; at sa lahat ng mga
bagay ay pinagingatan kong huwag maging pasanin ninyo,
at magiingat nga ako. 10 Kung paanong nasa akin ang
katotohanan ni Cristo, sinoman ay hindi makapipigil sa akin
sa pagmamapuring ito sa mga dako ng Acaya. 11 Bakit?
sapagka't hindi ko baga kayo iniibig? Nalalaman ng Dios.
12 Datapuwa't ang aking ginagawa ay siya kong gagawin,
upang maputol ko ang kadahilanan sa mga nagnanasa ng
kadahilanan; upang sa anomang ipinagmamapuri nila ay
mangasumpungan sila na gaya namin. 13 Sapagka't ang
mga gayong tao ay mga bulaang apostol, mga magdarayang
manggagawa, na nangagpapakunwaring mga apostol ni
Cristo. 14 At hindi katakataka: sapagka't si Satanas man
ay nagpapakunwaring anghel ng kaliwanagan. 15 Hindi
malaking bagay nga na ang kaniyang mga ministro naman
ay magpakunwari na waring ministro ng katuwiran; na ang
kanilang wakas ay masasangayon sa kanilang mga gawa.

16 Muling sinasabi ko, Huwag isipin ng sinoman na ako'y
mangmang; nguni't kung gayon, gayon ma'y tanggapin
ninyo akong gaya ng isang mangmang, upang ako naman
ay makapagmapuri ng kaunti. 17 Ang ipinangungusap ko
ay hindi ko ipinangungusap ayon sa Panginoon, kundi
gaya ng sa kamangmangan, sa pagkakatiwalang ito sa
pagmamapuri. 18 Yamang maraming nagmamapuri ayon sa
laman, ako nama'y magmamapuri. 19 Sapagka't pinagtitiisan
ninyo na may kasayahan ang mga mangmang, palibhasa'y
marurunong kayo. 20 Sapagka't inyong pinagtitiisan ang
sinoman, kung kayo'y inaalipin, kung kayo'y sinasakmal,
kung kayo'y binibihag, kung siya'y nagpapalalo, kung kayo'y
sinasampal sa mukha. 21 Sinasalita ko ang tungkol sa
kapulaan, na wari ay naging mahina kami. Nguni't kung
ang sinoman ay matapang sa anoman (nangungusap ako
sa kamangmangan), ako'y matapang din naman. 22 Sila
baga'y mga Hebreo? ako man. Sila baga'y mga Israelita?
ako man. Sila baga'y binhi ni Abraham? ako man. 23 Sila
baga'y mga ministro ni Cristo? (ako'y nangungusap na
waring nasisira ang bait) lalo pa ako; sa pagpapagal ako'y
lubhang sagana, sa mga bilangguan ay lubhang madalas, sa
mga palo ay walang bilang, sa mga ikamamatay ay malimit.
24 Sa mga Judio ay makalimang tumanggap ako ng tigaapat
na pung palo, kulang ng isa. 25 Makaitlong ako'y hinampas
ng mga panghampas, minsan ako'y binato, makaitlong ako'y
nabagbag, isang araw at isang gabi na ako'y nasa kalaliman
ng dagat; 26 Sa mga paglalakbay ay madalas, sa mga
kapanganiban sa mga ilog, sa mga kapanganiban sa mga
tulisan, sa mga kapanganiban sa aking mga kababayan, sa
mga kapanganiban sa mga Gentil, sa mga kapanganiban
sa bayan, sa mga kapanganiban sa mga ilang, sa mga
kapanganiban sa dagat, sa mga kapanganiban sa gitna ng
mga bulaang kapatid; 27 Sa pagpapagal at sa pagdaramdam,
sa mga pagpupuyat ay madalas, sa gutom at uhaw, mga
pagaayuno ay madalas, sa ginaw at kahubaran. 28 Bukod sa
mga bagay na yaon, ay may umiinis sa akin sa araw-araw,
ang kabalisahan dahil sa lahat ng mga iglesia. 29 Sino ang
nanghina, at ako'y hindi nanghina? Sino ang napapatisod,
at ako'y di nagdaramdam? 30 Kung kinakailangang ako'y
magmapuri, ako'y magmamapuri sa mga bagay na nauukol
sa aking kahinaan. 31 Ang Dios at Ama ng Panginoong
Jesus, na mapalad magpakailan pa man, ang nakakaalam
na ako'y hindi nagsisinungaling. **(aiōn g165)** 32 Sa Damasco
ay binantayan ng gobernador na sakop ng haring Aretas
ang bayan ng mga taga Damasco, upang ako'y hulihin: 33
At sa isang dungawan, ay napahugos ako sa kuta, sa isang
balaong, at ako'y nakatanan sa kanilang mga kamay.

**12** Kinakailangang ako'y magmapuri, bagaman ito'y hindi
nararapat; nguni't aking sasaysayin ang mga pangitain
ko at mga pahayag ng Panginoon. 2 Nakikilala ko ang
isang lalake kay Cristo, na mayroong nang labingapat na
taon (maging sa katawan, aywan ko; o maging sa labas
ng katawan, aywan ko; Dios ang nakaaalam) na inagaw
hanggang sa ikatlong langit. 3 At nakikilala ko ang taong
iyan (maging sa katawan, o sa labas ng katawan, aywan ko;
Dios ang nakaaalam), 4 Na kung paanong siya'y inagaw
sa Paraiso, at nakarinig ng mga salitang di masayod na
hindi nararapat salitain ng tao. 5 Tungkol sa taong yaon
ako'y magmamapuri: nguni't tungkol sa aking sarili ay hindi
ako magmamapuri, maliban na sa aking mga kahinaan.
6 Sapagka't kung ibigin kong ako'y magmapuri, ay hindi
ako magiging mangmang; sapagka't sasalitain ko ang
katotohanan: nguni't nagpipigil ako, baka ang sinoman ay
magakalang ako'y mataas sa nakikita niya sa akin, o naririnig
sa akin. 7 At nang ako'y huwag magpalalo ng labis dahil
sa kadakilaan ng mga pahayag, ay binigyan ako ng isang
tinik sa laman, ng isang sugo ni Satanas, upang ako'y
tampalin, nang ako'y huwag magpalalo ng labis. 8 Tungkol
dito'y makaitlo akong nanalangin sa Panginoon, upang ilayo
ito sa akin. 9 At siya'y nagsabi sa akin, Ang aking biyaya
ay sapat na sa iyo: sapagka't ang aking kapangyarihan
ay nagiging sakdal sa kahinaan. Kaya't bagkus akong
magmamapuri na may malaking galak sa aking kahinaan
upang manahan nawa sa akin ang kapangyarihan ni Cristo.
10 Kaya nga ako'y nagagalak sa mga kahinaan, sa mga
pagkaapi, sa mga pangangailangan, sa mga pagkakausig, sa
mga paghihinagpis, dahil kay Cristo: sapagka't pagka ako'y
mahina, ako nga'y malakas. 11 Ako'y naging mangmang:
pinilit ninyo ako; ako sana'y dapat ninyong purihin: sapagka't
sa anoman ay hindi ako naging huli sa lubhang mga dakilang
apostol, bagaman ako'y walang kabuluhan. 12 Tunay na
ang mga tanda ng apostol ay pawang nangyari sa inyo
sa buong pagtitiis, sa pamamagitan ng mga tanda at mga
kababalaghan at ng mga gawang makapangyarihan. 13
Sapagka't ano nga ang inyong ikinahuli sa ibang mga iglesia,
kundi ang ako'y hindi naging pasanin ninyo? ipatawad ninyo
sa akin ang kamaliang ito. 14 Narito, ito ang ikatlo na ako'y
handang pumariyan sa inyo; at ako'y hindi magiging pasanin
ninyo: sapagka't hindi ko hinahanap ang inyo, kundi kayo:
sapagka't hindi nararapat ipagtipon ng mga anak ang mga
magulang, kundi ng mga magulang ang mga anak. 15 At
ako'y gugugol ng may malaking kagalakan at pagugugol
dahil sa inyong mga kaluluwa. Kung kayo'y iniibig ko ng
lalong higit, ako baga'y iniibig ng kaunti? 16 Datapuwa't
magkagayon man, ako'y hindi naging pasan sa inyo; kundi
dahil sa pagkatuso ko, kayo'y hinuli ko sa daya. 17 Kayo
baga'y aking dinaya sa pamamagitan ng sinoman sa mga
sinugo sa inyo? 18 Pinamanhikan ko si Tito, at sinugo kong

kasama niya ang kapatid. Kayo baga'y dinaya ni Tito? hindi
baga kami ay nagsilakad sa isang Espiritu? hindi baga kami
ay nagsisunod sa gayon ding mga hakbang? **19** Iniisip
ninyo na sa buong panahong ito'y kami ay nangagdadahilan
sa inyo. Sa paningin ng Dios ay nangagsasalita kami sa
pangalan ni Cristo. Datapuwa't ang lahat ng mga bagay,
mga minamahal, ay sa inyong mga ikatitibay. **20** Natatakot
nga ako na baka sa anomang paraan, kung ako'y dumating
ay kayo'y masumpungan kong hindi gaya ng ibig ko, at
ako ay inyong masumpungang hindi gaya ng ibig ninyo;
baka sa anomang paraan ay magkaroon ng pagtatalo, mga
paninibugho, mga kagalitan, mga pagkakampikampi, mga
pagsirang-puri, mga paghatid-dumapit, mga kapalaluan,
mga pagkakagulo; **21** Baka pagka ako'y dumating na muli
ay ako'y pababain ng Dios ko sa harapan ninyo, at ako'y
malumbay dahil sa marami sa nangagkasalang una, at hindi
nangagsisi sa karumihan at sa pakikiapid at sa kalibugan na
ginawa nila.

**13** Ito ang ikatlo na ako'y pariiriyan sa inyo. Sa bibig
ng dalawang saksi o ng tatlo ay papagtibayin ang
bawa't salita. **2** Sinabi ko na nang una, at muling aking
ipinagpapauna, gaya nang ako'y nahaharap ng ikalawa,
gayon din ngayon, na ako'y wala sa harapan, sa mga
nagkasala nang una, at sa mga iba pa, na kung ako'y
pumariyang muli ay hindi ko na patatawarin; **3** Yamang
nagsisihanap kayo ng isang katunayan na si Cristo ay
nagsasalita sa akin; na siya sa inyo'y hindi mahina, kundi
sa inyo'y makapangyarihan: **4** Sapagka't siya'y ipinako sa
krus dahil sa kahinaan, gayon ma'y nabubuhay siya dahil
sa kapangyarihan ng Dios. Sapagka't kami naman ay sa
kaniya'y mahihina, nguni't kami ay mabubuhay na kasama
niya sa kapangyarihan ng Dios sa inyo. **5** Siyasatin ninyo
ang inyong sarili, kung kayo'y nangasa pananampalataya;
subukin ninyo ang inyong sarili. Hindi baga ninyo nalalaman
sa ganang inyong sarili, na si Jesucristo ay nasa inyo?
maliban na nga kung kayo'y itinakuwil na. **6** Nguni't inaasahan
ko na inyong mangakikilala na kami ay hindi itinakuwil.
**7** Ngayo'y idinadalangin namin sa Dios na kayo'y huwag
magsigawa ng masama; hindi upang kami'y mangakitang
subok, kundi upang gawin ninyo ang may karangalan,
kahit kami'y maging gaya ng itinakuwil. **8** Sapagka't kami'y
walang anomang magagawang laban sa katotohanan, kundi
ayon sa katotohanan. **9** Sapagka't kami'y natutuwa kung
kami'y mahihina, at kayo'y malalakas: at ito naman ang
idinadalangin namin, sa makatuwid baga'y ang inyong
pagkasakdal. **10** Dahil dito'y sinusulat ko ang mga bagay
na ito samantalang ako'y wala sa harapan, upang kung
nasa harapan ay huwag akong gumamit ng kabagsikan,
ayon sa kapamahalaang ibinibigay sa akin ng Panginoon sa
ikatitibay, at hindi sa ikagigiba. **11** Sa katapustapusan, mga
kapatid, paalam na. Mangagpakasakdal kayo; mangaaliw
kayo; mangagkaisa kayo ng pagiisip; mangabuhay kayo sa
kapayapaan: at ang Dios ng pagibig at ng kapayapaan ay
sasa inyo. **12** Mangagbatian ang isa't isa sa inyo ng banal na
halik. **13** Binabati kayo ng lahat ng mga banal. **14** Ang biyaya
ng Panginoong Jesucristo, at ang pagibig ng Dios, at ang
pakikipisan ng Espiritu Santo ay sumainyo nawang lahat.

# Mga Galacia

**1** Si Pablo, na Apostol (hindi mula sa mga tao, ni sa
pamamagitan man ng tao, kundi sa pamamagitan ni
Jesucristo, at ng Dios Ama, na siyang sa kaniya'y muling
bumuhay; ) **2** At ang lahat ng mga kapatid na mga kasama
ko, sa mga iglesia ng Galacia: **3** Sumainyo nawa ang
biyaya at kapayapaang mula sa Dios na Ama, at sa ating
Panginoong Jesucristo, **4** Na siyang nagbigay sa kaniyang
sarili dahil sa ating mga kasalanan, upang tayo'y mailigtas
dito sa kasalukuyang masamang sanglibutan, ayon sa
kalooban ng ating Dios at Ama: **(aiōn g165)** **5** Na sumakaniya
ang kaluwalhatian magpakailan man. Siya nawa. **(aiōn g165)**
**6** Ako'y namamangha na kay dali ninyong nagsilipat sa
ibang evangelio buhat sa tumawag sa inyo sa biyaya ni
Cristo; **7** Na ito'y hindi ibang evangelio: kundi mayroong
ilan na sa inyo'y nagsisiligalig, at nangagiibig na pasamain
ang evangelio ni Cristo. **8** Datapuwa't kahima't kami, o
isang anghel na mula sa langit, ang mangaral sa inyo ng
anomang evangelio na iba sa aming ipinangangaral sa inyo,
ay matakuwil. **9** Ayon sa aming sinabi nang una, ay muling
gayon ang aking sinasabi ngayon, Kung ang sinoman ay
mangaral sa inyo ng anomang evangelio na iba kay sa
inyong tinanggap na, ay matakuwil. **10** Sapagka't ako baga'y
nanghihikayat ngayon sa mga tao o sa Dios? o ako baga'y
nagsisikap na magbigay-lugod sa mga tao? kung ako'y
magbibigay-lugod pa sa mga tao, ay hindi ako magiging
alipin ni Cristo. **11** Sapagka't aking ipinatatalastas sa inyo,
mga kapatid, tungkol sa evangelio na aking ipinangaral, na
ito'y hindi ayon sa tao. **12** Sapagka't hindi ko tinanggap
ito sa tao, ni itinuro man sa akin, kundi aking tinanggap
sa pamamagitan ng pahayag ni Jesucristo. **13** Sapagka't
inyong nabalitaan ang aking pamumuhay nang nakaraang
panahon sa relihion ng mga Judio, kung paanong aking
inuusig na malabis, at nilipol ang iglesia ng Dios: **14** At ako'y
nangunguna sa relihion ng mga Judio ng higit kay sa marami
sa aking mga kasing gulang sa aking mga kababayan,
palibhasa'y totoong masikap ako sa mga sali't-saling sabi
ng aking mga magulang. **15** Nguni't nang magalingin ng
Dios na siyang sa akin ay nagbukod, buhat pa sa tiyan ng
aking ina, at ako'y tawagin sa pamamagitan ng kaniyang
biyaya, **16** Na ihayag ang kaniyang Anak sa akin, upang
siya'y aking ipangaral sa gitna ng mga Gentil; pagkaraka'y
hindi ako sumangguni sa laman at sa dugo: **17** Ni inahon
ko man sa Jerusalem silang mga apostol na nangauna sa
akin: kundi sa Arabia ako naparoon; at muling nagbalik ako
sa Damasco. **18** Nang makaraan nga ang tatlong taon ay
umahon ako sa Jerusalem upang dalawin si Cefas, at natira
akong kasama niyang labing-limang araw. **19** Nguni't wala
akong nakita sa mga ibang apostol, maliban na kay Santiago
na kapatid ng Panginoon. **20** Tungkol nga sa mga bagay
na isinusulat ko sa inyo, narito, sa harapan ng Dios, hindi
ako nagsisinungaling. **21** Pagkatapos ay naparoon ako sa
mga lupain ng Siria at Cilicia. **22** At hindi pa ako nakikilala
sa mukha ng mga iglesia ng Judea na pawang kay Cristo.
**23** Kundi ang kanila lamang naririnig na pinaguusapan ay,
Yaong umuusig sa atin nang una, ngayo'y nangangaral
ng pananampalataya na nang ibang panahon ay kaniyang
sinisira; **24** At kanilang niluluwalhati ang Dios sa akin.

**2** Nang makaraan nga ang labingapat na taon ay umahon
akong muli sa Jerusalem na kasama si Bernabe, at
isinama ko rin naman si Tito. **2** At ako'y umahon dahil sa
pahayag; at isinaysay ko sa harapan nila ang evangelio na
aking ipinangangaral sa gitna ng mga Gentil, datapuwa't sa
harapan ng mga may dangal ay sa lihim, baka sa anomang
paraan ako'y tatakbo, o tumakbo, ng walang kabuluhan. **3**
Datapuwa't maging si Tito man na kasama ko, bagama't
Griego, ay hindi napilit na patuli. **4** At yaon ay dahil sa mga
hindi tunay na kapatid na ipinasok ng lihim, na nagsipasok
ng lihim upang tiktikan ang aming kalayaan na taglay namin
kay Cristo Jesus, upang kami'y ilagay nila sa pagkaalipin: **5**
Sa mga yaon ay hindi kami napahinuhod na supilin kami,
kahit isang oras; upang ang katotohanan ng evangelio ay
manatili sa inyo. **6** Datapuwa't ang mga wari'y may dangal
ng kaunti (maging anoman sila, ay walang anoman sa akin:
ang Dios ay hindi tumatanggap ng anyo ninoman) silang
may dangal, sinasabi ko, ay hindi nagbahagi sa akin ng
anoman: **7** Kundi bagkus nang makita nila na sa akin ay
ipinagkatiwala ang evangelio ng di-pagtutuli, gaya rin naman
ng pagkakatiwala kay Pedro ng evangelio ng pagtutuli; **8**
(Sapagka't ang naghanda kay Pedro sa pagkaapostol sa
pagtutuli ay naghanda rin naman sa akin sa pagkaapostol
sa mga Gentil); **9** At nang makita nila ang biyayang sa akin
ay ipinagkaloob, ang mga kanang kamay ng pakikisama ay
ibinigay sa akin at kay Bernabe ni Santiago at ni Cefas at ni
Juan, sila na mga inaaring haligi, upang kami ay magsiparoon
sa mga Gentil, at sila'y sa pagtutuli; **10** Ang kanila lamang
hinihiling ay aming alalahanin ang mga dukha; na ang bagay
ring ito'y aking pinagsisikapan gawain. **11** Nguni't nang
dumating si Cefas sa Antioquia, ay sumalansang ako sa
kaniya ng mukhaan, sapagka't siya'y nararapat hatulan. **12**
Sapagka't bago nagsidating ang ilang mula kay Santiago, ay
nakisalo siya sa mga Gentil; nguni't nang sila'y magsidating
na, siya'y umurong, at humiwalay sa mga Gentil, palibhasa'y
natatakot sa mga sa pagtutuli. **13** At ang ibang mga Judio ay
nangagpakunwari rin namang kasama niya: ano pa't pati si
Bernabe ay nabuyo sa kanilang pagkukunwari. **14** Nguni't
nang aking makita na hindi sila nagsisilakad ng matuwid

ayon sa katotohanan ng evangelio, sinabi ko kay Cefas sa
harapan nilang lahat, Kung ikaw, na Judio, ay namumuhay
gaya ng mga Gentil, at di gaya ng mga Judio, bakit mo
pinipilit ang mga Gentil na mamuhay na gaya ng mga Judio?
15 Tayo'y mga Judio sa katutubo, at hindi mga makasalanang
Gentil, 16 Bagama't naaalaman na ang tao ay hindi inaaring-
ganap sa mga gawang ayon sa kautusan, maliban na sa
pamamagitan ng pananampalataya kay Jesucristo, tayo rin
ay nagsisampalataya kay Cristo Jesus, upang tayo'y ariing-
ganap sa pamamagitan ng pananampalataya kay Cristo, at
hindi dahil sa mga gawang ayon sa kautusan: sapagka't
sa mga gawang ayon sa kautusan ay hindi aariing-ganap
ang sinomang laman. 17 Nguni't kung, samantalang ating
pinagsisikapan na tayo'y ariing-ganap kay Cristo, ay tayo rin
naman ay nangasusumpungang mga makasalanan, si Cristo
baga ay ministro ng kasalanan? Huwag nawang mangyari.
18 Kung akin ngang muling itayo ang mga bagay na aking
sinira, sa aking sarili ay pinatutunayan ko na ako'y suwail. 19
Sapagka't ako sa pamamagitan ng kautusan ay namatay, sa
kautusan, upang ako'y mabuhay sa Dios. 20 Ako'y napako
sa krus na kasama ni Cristo; at hindi na ako ang nabubuhay,
kundi si Cristo ang nabubuhay sa akin: at ang buhay na
ikinabubuhay ko ngayon sa laman ay ikinabubuhay ko sa
pananampalataya, ang pananampalataya na ito'y sa Anak
ng Dios, na sa akin ay umibig, at ibinigay ang kaniyang sarili
dahil sa akin. 21 Hindi ko niwawalan ng halaga ang biyaya
ng Dios: sapagka't kung sa pamamagitan ng kautusan ay
ang katuwiran, kung gayo'y si Cristo ay namatay ng walang
kabuluhan.

**3** Oh mga mangmang na taga Galacia, sino ang mga
nagsigayuma sa inyo, na sa harapan ng inyong mga
mata'y si Jesucristo, na napako sa krus, ay maliwanag na
inihayag? 2 Ito lamang ang ibig kong maalaman sa inyo,
Tinanggap baga ninyo ang Espiritu sa pamamagitan ng mga
gawang ayon sa kautusan, o sa pamamagitan ng pakikinig
ng tungkol sa pananampalataya? 3 Napakamangmang
na baga kayo? kayong nagpasimula sa Espiritu, ngayo'y
nangagpapakasakdal kayo sa laman? 4 Tiniis baga ninyong
walang kabuluhan ang lubhang maraming mga bagay? kung
tunay na walang kabuluhan. 5 Siya na nagbibigay nga sa
inyo ng Espiritu, at gumagawa ng mga himala sa gitna ninyo,
ginagawa baga sa pamamagitan ng mga gawang ayon sa
kautusan, o sa pakikinig ng tungkol sa pananampalataya?
6 Gaya nga ni Abraham na sumampalataya sa Dios, at
ito'y ibinilang sa kaniya na katuwiran. 7 Talastasin nga
ninyo na ang mga sa pananampalataya, ang mga yaon
ay mga anak ni Abraham. 8 At sapagka't ipinakita na
ng kasulatan, na aariing-ganap ng Dios ang mga Gentil
sa pamamagitan ng pananampalataya, ay ipinangaral na
nang una ang evangelio kay Abraham, na sinasabi, Sa
iyo ay pagpapalain ang lahat ng mga bansa. 9 Kaya't ang
mga sa pananampalataya ay pinagpapala kay Abraham
na may pananampalataya. 10 Sapagka't ang lahat na sa
mga gawang ayon sa kautusan ay nasa ilalim ng sumpa:
sapagka't nasusulat, Sinusumpa ang bawa't hindi nananatili
sa lahat ng mga bagay na nasusulat sa aklat ng kautusan,
upang gawin nila. 11 Maliwanag nga na sinoman ay hindi
inaaring-ganap sa kautusan sa harapan ng Dios; sapagka't,
Ang ganap ay mabubuhay sa pananampalataya. 12 At
ang kautusan ay hindi sa pananampalataya; kundi, Ang
gumaganap ng mga yaon ay mabubuhay sa mga yaon. 13
Sa sumpa ng kautusan ay tinubos tayo ni Cristo, na naging
sumpa sa ganang atin; sapagka't nasusulat, Sinusumpa
ang bawa't binibitay sa punong kahoy: 14 Upang sa mga
Gentil ay dumating ang pagpapala ni Abraham na kay Cristo
Jesus; upang sa pamamagitan ng pananampalataya ay
tanggapin natin ang pangako ng Espiritu. 15 Mga kapatid,
nagsasalita ako ayon sa kaugalian ng mga tao: Bagama't
ang pakikipagtipan ay gawa lamang ng tao, gayon ma'y
pagka pinagtibay, sinoman ay hindi makapagpapawalang
kabuluhan, o makapagdaragdag man. 16 Ngayon kay
Abraham nga sinabi ang mga pangako, at sa kaniyang
binhi. Hindi sinasabi ng Dios, At sa mga binhi, na gaya
baga sa marami; kundi gaya sa iisa lamang, At sa iyong
binhi, na si Cristo. 17 Ito nga ang aking sinasabi: Ang isang
pakikipagtipang pinagtibay na nang una ng Dios, ay hindi
mapawawalang kabuluhan ng kautusan, na sumipot nang
makaraan ang apat na raan at tatlongpung taon, ano pa't
upang pawalang kabuluhan ang pangako. 18 Sapagka't
kung ang mana ay sa pamamagitan ng kautusan, ay hindi
na sa pamamagitan ng pangako: datapuwa't ipinagkaloob
ng Dios kay Abraham sa pamamagitan ng pangako. 19
Ano nga ang kabuluhan ng kautusan? Idinagdag dahil
sa mga pagsalangsang, hanggang sa pumarito ang binhi
na siyang pinangakuan; at ito'y iniutos sa pamamagitan
ng mga anghel sa kamay ng isang tagapamagitan. 20
Ngayon ang isang tagapamagitan ay hindi tagapamagitan
ng iisa; datapuwa't ang Dios ay iisa. 21 Ang kautusan
nga baga ay laban sa mga pangako ng Dios? Huwag
nawang mangyari: sapagka't kung ibinigay sana ang isang
kautusang may kapangyarihang magbigay buhay, tunay
ngang ang katuwiran sana ay naging dahil sa kautusan.
22 Datapuwa't kinulong ng kasulatan ang lahat ng mga
bagay sa ilalim ng kasalanan, upang ang pangako sa
pamamagitan ng pananampalataya kay Jesucristo ay
maibigay sa mga nagsisisampalataya. 23 Nguni't bago
dumating ang pananampalataya, ay nabibilanggo tayo
sa ilalim ng kautusan, na nakukulong tayo hanggang sa

ang pananampalataya ay ipahahayag pagkatapos. 24 Ano
pa't ang kautusan ay siyang naging tagapagturo natin
upang ihatid tayo kay Cristo, upang tayo'y ariing-ganap sa
pamamagitan ng pananampalataya. 25 Datapuwa't ngayong
dumating na ang pananampalataya, ay wala na tayo sa ilalim
ng tagapagturo. 26 Sapagka't kayong lahat ay mga anak
ng Dios, sa pamamagitan ng pananampalataya, kay Cristo
Jesus. 27 Sapagka't ang lahat na sa inyo ay binautismuhan
kay Cristo ay ibinihis si Cristo. 28 Walang magiging Judio o
Griego man, walang magiging alipin o malaya man, walang
magiging lalake o babae man; sapagka't kayong lahat ay iisa
kay Cristo Jesus. 29 At kung kayo'y kay Cristo, kayo nga'y
binhi ni Abraham, at mga tagapagmana ayon sa pangako.

4 Nguni't sinasabi ko na samantalang ang tagapagmana
ay bata, ay walang pagkakaibang anoman sa alipin
bagama't siya'y panginoon ng lahat; 2 Datapuwa't nasa
ilalim ng mga tagapagampon at ng mga tagapangasiwa
hanggang sa panahong itinakda ng ama. 3 Gayon din
naman tayo, nang tayo'y mga bata pa, tayo'y nasasakop ng
pagkaalipin sa ilalim ng mga pasimulang aral ng sanglibutan.
4 Datapuwa't nang dumating ang kapanahunan, ay sinugo ng
Dios ang kaniyang Anak, na ipinanganak ng isang babae, na
ipinanganak sa ilalim ng kautusan, 5 Upang matubos niya
ang nangasa ilalim ng kautusan, upang matanggap natin
ang pagkukupkop sa mga anak. 6 At sapagka't kayo'y mga
anak, ay sinugo ng Dios ang Espiritu ng kaniyang Anak sa
ating mga puso, na sumisigaw, Abba, Ama. 7 Ano pa't hindi
ka na alipin, kundi anak; at kung anak, ay tagapagmana ka
nga sa pamamagitan ng Dios. 8 Gayon man nang panahong
yaon, sa hindi ninyo pagkakilala sa Dios, kayo'y nasa
pagkaalipin ng sa katutubo ay hindi mga dios: 9 Datapuwa't
ngayon yamang nakikilala na ninyo ang Dios, o ang lalong
mabuting sabihin, kayo'y nangakikilala ng Dios, bakit muling
nangagbabalik kayo doon sa mahihina at walang bisang mga
pasimulang aral, na sa mga yao'y ninanasa ninyong magbalik
sa pagkaalipin? 10 Ipinangingilin ninyo ang mga araw, at mga
buwan, at mga panahon, at mga taon. 11 Ako'y natatakot
tungkol sa inyo, baka sa anomang paraan ay nagpagal
ako sa inyo ng walang kabuluhan. 12 Ipinamamanhik ko
sa inyo, mga kapatid, na kayo'y mangagsitulad sa akin,
sapagka't ako'y katulad din ninyo. Wala kayong ginawa sa
aking anomang kasamaan. 13 Datapuwa't nalalaman ninyo
na dahil sa sakit ng laman, ay ipinangaral ko sa inyo ang
evangelio nang pasimula: 14 At yaong sa inyo'y isang tukso
sa aking laman ay hindi ninyo inalipusta, ni itinakuwil man;
kundi ako'y tinanggap ninyong tulad sa isang anghel ng Dios,
tulad kay Cristo Jesus. 15 Saan nga naroon yaong inyong
kapalaran? sapagka't pinatototohanan ko sa inyo, na, kung
mangyayari, ay inyong dinukit sana ang inyong mga mata at
ibinigay sa akin. 16 Kaya nga ako baga'y naging kaaway
ninyo, sa pagsasabi ko sa inyo ng katotohanan? 17 May
nangagmamalasakit sa inyo sa hindi mabuting akala; subali't,
ang ibig nila ay ihiwalay kayo, upang ipagmalasakit ninyo
sila. 18 Datapuwa't mabuti ang ipagmalasakit sa mabuting
bagay sa lahat ng panahon, at hindi lamang samantalang
ako'y kaharap ninyo. 19 Maliliit kong mga anak, na muli kong
ipinagdaramdam sa panganganak hanggang si Cristo ay
mabadha sa inyo. 20 Datapuwa't, ibig kong makaharap ninyo
ako ngayon, at baguhin ang aking tinig; sapagka't ako'y
nagaalinlangan tungkol sa inyo. 21 Sabihin ninyo sa akin,
kayong nagsisipagnasang mapasa ilalim ng kautusan, hindi
baga ninyo naririnig ang kautusan? 22 Sapagka't nasusulat,
na si Abraham ay nagkaroon ng dalawang anak, ang isa'y
sa aliping babae, at ang isa'y sa babaing malaya. 23 Gayon
man ang anak sa alipin ay ipinanganak ayon sa laman;
nguni't ang anak sa babaing malaya ay sa pamamagitan ng
pangako. 24 Ang mga bagay na ito'y may lamang talinghaga:
sapagka't ang mga babaing ito'y dalawang tipan; ang isa'y
mula sa bundok ng Sinai, na nanganganak ng mga anak sa
pagkaalipin, na ito'y si Agar. 25 Ang Agar ngang ito ay bundok
ng Sinai sa Arabia, at ito'y katulad ng Jerusalem ngayon:
sapagka't ito'y nasa pagkaalipin kasama ng kaniyang mga
anak. 26 Nguni't ang Jerusalem na nasa itaas ay malaya, na
siyang ina natin. 27 Sapagka't nasusulat, Magsaya ka, Oh
baog na hindi nanganganak; Magbiglang umawit at humiyaw
ka, ikaw na hindi nagdaramdam sa panganganak: Sapagka't
higit pa ang mga anak ng pinabayaan kay sa mga anak ng
may asawa. 28 At tayo, mga kapatid, tulad ni Isaac, ay mga
anak sa pangako. 29 Datapuwa't kung papaanong yaong
ipinanganak ayon sa laman ay nagusig sa ipinanganak ayon
sa espiritu, ay gayon din naman ngayon. 30 Gayon man ano
ang sinasabi ng kasulatan? Palayasin ang aliping babae at
ang kaniyang anak: sapagka't hindi magmamana ang anak
ng babaing alipin na kasama ng anak ng babaing malaya.
31 Kaya nga, mga kapatid, hindi tayo mga anak ng babaing
alipin, kundi ng babaing malaya.

5 Sa kalayaan ay pinalaya tayo ni Cristo: magsitibay nga
kayo, at huwag na kayong pasakop na muli sa pamatok ng
pagkaalipin. 2 Narito, akong si Pablo ay nagsasabi sa inyo,
na, kung inyong tinatanggap ang pagtutuli, ay wala kayong
mapapakinabang na anoman kay Cristo. 3 Oo, pinatotohanan
kong muli sa bawa't taong tumatanggap ng pagtutuli, na
siya'y may kautangang tumupad ng buong kautusan. 4 Kayo'y
hiwalay kay Cristo, kayong nangagiibig na ariing-ganap ng
kautusan; nangahulog kayo mula sa biyaya. 5 Sapagka't
tayo sa pamamagitan ng Espiritu sa pananampalataya ay
naghihintay ng pangako ng katuwiran. 6 Sapagka't kay
Cristo Jesus, kahit ang pagtutuli ay walang kabuluhan,

kahit man ang di-pagtutuli; kundi ang pananampalataya na
gumagawa sa pamamagitan ng pagibig. **7** Nagsisitakbo
kayong mabuti nang una; sino ang gumambala sa inyo
upang kayo'y huwag magsisunod sa katotohanan? **8** Ang
paghikayat na ito ay hindi nagmula doon sa tumawag sa
inyo. **9** Ang kaunting lebadura ay nagpapakumbo sa buong
limpak. **10** Ako'y may pagkakatiwala sa inyo sa Panginoon,
na hindi kayo nagsipagisip ng ibang paraan: datapuwa't
ang gumagambala sa inyo ay magtataglay ng kaniyang
kahatulan, maging sinoman siya. **11** Nguni't ako, mga
kapatid, kung ipinangangaral ko pa ang pagtutuli, bakit ako'y
pinaguusig pa? kung gayon ay natapos na ang katitisuran
sa krus. **12** Ibig ko sana na ang mga nagsisigulo sa inyo
ay gumawa ng higit sa pagtutuli. **13** Sapagka't kayo, mga
kapatid, ay tinawag sa kalayaan; huwag lamang gamitin ang
inyong kalayaan, upang magbigay kadahilanan sa laman,
kundi sa pamamagitan ng pagibig ay mangaglingkuran
kayo. **14** Sapagka't ang buong kautusan ay natutupad sa
isang salita, sa makatuwid ay dito: Iibigin mo ang inyong
kapuwa na gaya ng inyong sarili. **15** Nguni't kung kayo-
kayo rin ang nangagkakagatan at nangagsasakmalan,
magsipagingat kayo na baka kayo'y mangaglipulan sa
isa't isa. **16** Sinasabi ko nga, Magsilakad kayo ayon sa
Espiritu, at hindi ninyo gagawin ang mga pita ng laman. **17**
Sapagka't ang laman ay nagnanasa ng laban sa Espiritu, at
ang Espiritu ay laban sa laman; sapagka't ang mga ito ay
nagkakalaban; upang huwag ninyong gawin ang bagay na
inyong ibigin. **18** Datapuwa't kung kayo'y pinapatnubayan
ng Espiritu, ay wala kayo sa ilalim ng kautusan. **19** At
hayag ang mga gawa ng laman, sa makatuwid ay ang
mga ito: pakikiapid, karumihan, kalibugan, **20** Pagsamba
sa diosdiosan, pangkukulam, mga pagtataniman, mga
pagtatalo, mga paninibugho, mga pagkakaalitan, mga
pagkakampikampi, mga pagkakabahabahagi, mga hidwang
pananampalataya, **21** Mga kapanaghilian, mga paglalasing,
mga kalayawan, at ang mga katulad nito; tungkol sa
mga bagay na ito ay aking ipinagpapaunang ipaalaala
sa inyo, tulad sa aking pagpapaalaala nang una sa inyo,
na ang mga nagsisigawa ng gayong mga bagay ay hindi
magsisipagmana ng kaharian ng Dios. **22** Datapuwa't ang
bunga ng Espiritu ay pagibig, katuwaan, kapayapaan,
pagpapahinuhod, kagandahang-loob, kabutihan, pagtatapat,
**23** Kaamuan, pagpipigil; laban sa mga gayong bagay ay
walang kautusan. **24** At ipinako sa krus ng mga na kay
Cristo Jesus ang laman na kasama ang mga masasamang
pita at mga kahalayan nito. **25** Kung tayo'y nangabubuhay
sa pamamagitan ng Espiritu, ay mangagsilakad naman
tayo ayon sa Espiritu. **26** Huwag tayong maging mga
palalo, na tayo-tayo'y nangagmumungkahian sa isa't isa,
nangagiinggitan sa isa't isa.

**6** Mga kapatid, kung ang sinoman ay masumpungan sa
anomang pagsuway, kayong mga sa espiritu, ay inyong
papanumbalikin ang gayon sa espiritu ng kahinhinan; na
iyong pagwariin ang iyong sarili, baka ikaw naman ay
matukso. **2** Mangagdalahan kayo ng mga pasanin ng isa't isa,
at tuparin ninyong gayon ang kautusan ni Cristo. **3** Sapagka't
kung ang sinoman ay nagaakala na siya'y may kabuluhan
bagaman siya ay walang kabuluhan, ang kaniyang sarili ang
dinadaya niya. **4** Nguni't siyasatin ng bawa't isa ang kaniyang
sariling gawa, at kung magkagayon ay magkakaroon siya ng
kaniyang kapurihan tungkol sa kaniyang sarili lamang, at
hindi tungkol sa kapuwa. **5** Sapagka't ang bawa't tao ay
magpapasan ng kaniyang sariling pasan. **6** Datapuwa't ang
tinuturuan sa aral ng Dios ay makidamay doon sa nagtuturo
sa lahat ng mga bagay na mabuti. **7** Huwag kayong padaya;
ang Dios ay hindi napabibiro: sapagka't ang lahat na ihasik
ng tao, ay siya namang aanihin niya. **8** Sapagka't ang
naghahasik ng sa kaniyang sariling laman ay sa laman
magaani ng kasiraan; datapuwa't ang naghahasik ng sa
Espiritu ay sa Espiritu magaani ng buhay na walang hanggan.
**(aiōnios g166)** **9** At huwag tayong mangapagod sa paggawa
ng mabuti: sapagka't sa kapanahunan ay magsisipagani
tayo, kung hindi tayo manganghihimagod. **10** Kaya nga,
samantalang tayo'y may pagkakataon, ay magsigawa tayo
ng mabuti sa lahat, at lalong lalo na sa mga kasangbahay sa
pananampalataya. **11** Tingnan ninyo kung gaano kalalaking
mga titik ang isinulat ko sa inyo ng aking sariling kamay. **12**
Yaong lahat na may ibig magkaroon ng isang mabuting anyo
sa laman, ay siyang pumipilit sa inyo na mangagtuli; upang
huwag lamang silang pagusigin dahil sa krus ni Cristo. **13**
Sapagka't yaon mang nangatuli na ay hindi rin nagsisitupad
ng kautusan; nguni't ibig nilang kayo'y ipatuli, upang sila'y
mangagmapuri sa inyong laman. **14** Datapuwa't malayo
nawa sa akin ang pagmamapuri, maliban na sa krus ng ating
Panginoong Jesucristo, na sa pamamagitan niyao'y ang
sanglibutan ay napako sa krus sa ganang akin, at ako'y sa
sanglibutan. **15** Sapagka't ang pagtutuli ay walang anoman,
kahit man ang di-pagtutuli, kundi ang bagong nilalang. **16**
At ang lahat na mangagsisilakad ayon sa alituntuning ito,
kapayapaan at kaawaan nawa ang sumakanila, at sa Israel
ng Dios. **17** Buhat ngayon sinoman ay huwag bumagabag
sa akin; sapagka't dala kong nakalimbag sa aking katawan
ang mga tanda ni Jesus. **18** Mga kapatid, ang biyaya ng
ating Panginoong Jesucristo ay sumainyo nawang espiritu.
Siya nawa.

# Mga Efeso

**1** Si Pablo, na apostol ni Cristo Jesus sa pamamagitan
ng kalooban ng Dios, sa mga banal na nangasa Efeso,
at sa mga tapat kay Cristo Jesus: 2 Sumainyo nawa ang
biyaya at kapayapaang mula sa Dios na ating Ama at sa
Panginoong Jesucristo. 3 Purihin nawa ang Dios at Ama
ng ating Panginoong Jesucristo, na siyang nagpala sa atin
ng bawa't pagpapalang ukol sa espiritu sa sangkalangitan
kay Cristo: 4 Ayon sa pagkapili niya sa atin sa kaniya bago
itinatag ang sanglibutan, upang tayo'y maging mga banal at
mga walang dungis sa harapan niya sa pagibig: 5 Na tayo'y
itinalaga niya nang una pa sa pagkukupkop na tulad sa mga
anak sa pamamagitan ni Jesucristo sa ganang kaniya, ayon
sa minagaling ng kaniyang kalooban, 6 Sa ikapupuri ng
kaluwalhatian ng kaniyang biyaya, na sa atin ay ipinagkaloob
na masagana sa Minamahal: 7 Na sa kaniya'y mayroon
tayo ng ating katubusan sa pamamagitan ng kaniyang dugo,
na kapatawaran ng ating mga kasalanan, ayon sa mga
kayamanan ng kaniyang biyaya, 8 Na pinasagana niya sa
atin, sa buong karunungan at katalinuhan, 9 Na ipinakikilala
niya sa atin ang hiwaga ng kaniyang kalooban, ayon sa
kaniyang minagaling na ipinasiya niya sa kaniya rin. 10 Sa
pagiging katiwala sa kaganapan ng mga panahon, upang
tipunin ang lahat ng mga bagay kay Cristo, ang mga bagay
na nangasa sangkalangitan, at ang mga bagay na nangasa
ibabaw ng lupa; sa kaniya, sinasabi ko, 11 Tayo rin naman
sa kaniya ay ginawang mana, na itinalaga na niya tayo
nang una pa ayon sa pasiya niyaong gumagawa ng lahat
ng mga bagay ayon sa pasiya ng kaniyang kalooban; 12
Upang tayo'y maging kapurihan ng kaniyang kaluwalhatian,
tayong nagsiasa nang una kay Cristo: 13 Na sa kaniya'y
kayo rin naman, pagkarinig ng aral ng katotohanan, ng
evangelio ng inyong kaligtasan, na sa kaniya rin naman,
mula nang kayo'y magsisampalataya, ay kayo'y tinatakan
ng Espiritu Santo, na ipinangako, 14 Na siyang patotoo
sa ating mana, hanggang sa ikatutubos ng sariling pag-
aari ng Dios, sa ikapupuri ng kaniyang kaluwalhatian. 15
Dahil dito ako rin naman, pagkarinig ng pananampalataya sa
Panginoong Jesus na nasa inyo, at ng pagibig na inyong
ipinakita sa lahat ng mga banal, 16 Ay hindi ako tumitigil
ng pagpapasalamat dahil sa inyo, na aking binabanggit
kayo sa aking mga panalangin; 17 Upang ipagkaloob sa
inyo ng Dios ng ating Panginoong Jesucristo, ng Ama ng
kaluwalhatian, ang espiritu ng karunungan at ng pahayag sa
pagkakilala sa kaniya; 18 Yamang naliwanagan ang mga
mata ng inyong puso, upang maalaman ninyo kung ano
ang pagasa sa kaniyang pagtawag, kung ano ang mga
kayamanan ng kaluwalhatian ng kaniyang pamana sa mga
banal, 19 At kung ano ang dakilang kalakhan ng kaniyang
kapangyarihan sa ating nagsisisampalataya, ayon sa gawa
ng kapangyarihan ng kaniyang lakas, 20 Na kaniyang ginawa
kay Cristo, nang ito'y kaniyang buhaying maguli sa mga
patay, at pinaupo sa kaniyang kanan sa sangkalangitan, 21
Sa kaibaibabawan ng lahat na pamunuan, at kapamahalaan,
at kapangyarihan, at pagkasakop, at sa bawa't pangalan na
ipinangungusap, hindi lamang sa sanglibutang ito, kundi
naman sa darating: (aiōn g165) 22 At ang lahat ng mga bagay
ay pinasuko niya sa ilalim ng kaniyang mga paa, at siyang
pinagkaloobang maging pangulo ng lahat ng mga bagay sa
iglesia, 23 Na siyang katawan niya, na kapuspusan niyaong
pumupuspos ng lahat sa lahat.

**2** At kayo'y binuhay niya, nang kayo'y mga patay dahil
sa inyong mga pagsalangsang at mga kasalanan, 2 Na
inyong nilakaran noong una ayon sa lakad ng sanglibutang
ito, ayon sa pangulo ng mga kapangyarihan ng hangin, ng
espiritu na ngayon ay gumagawa sa mga anak ng pagsuway;
(aiōn g165) 3 Sa gitna ng mga yaon, tayo rin naman, ng ibang
panahon ay nangabubuhay sa mga kahalayan ng ating
laman, na ating ginagawa ang mga pita ng laman at ng
pagiisip, at tayo noo'y katutubong mga anak ng kagalitan,
gaya naman ng mga iba: 4 Nguni't ang Dios, palibhasa'y
mayaman sa awa, dahil sa kaniyang malaking pagibig
na kaniyang iniibig sa atin, 5 Bagama't tayo'y mga patay
dahil sa ating mga kasalanan, tayo'y binuhay na kalakip
ni Cristo (sa pamamagitan ng biyaya kayo'y nangaligtas),
6 At tayo'y ibinangong kalakip niya, at pinaupong kasama
niya sa sangkalangitan, kay Cristo Jesus: 7 Upang sa
mga panahong darating ay maihayag niya ang dakilang
kayamanan ng kaniyang biyaya sa kagandahang-loob sa
atin kay Cristo Jesus: (aiōn g165) 8 Sapagka't sa biyaya
kayo'y nangaligtas sa pamamagitan ng pananampalataya;
at ito'y hindi sa inyong sarili, ito'y kaloob ng Dios; 9 Hindi
sa pamamagitan ng mga gawa, upang ang sinoman ay
huwag magmapuri. 10 Sapagka't tayo'y kaniyang gawa, na
nilalang kay Cristo Jesus para sa mabubuting gawa, na
mga inihanda ng Dios nang una upang siya nating lakaran.
11 Kaya nga alalahanin ninyo, na kayo noong una, mga
Gentil sa laman, tinatawag na Di-pagtutuli niyaong tinatawag
na Pagtutuli sa laman, na ginawa ng mga kamay: 12 Na
kayo nang panahong yaon ay mga hiwalay kay Cristo, na
mga di kabilang sa bansa ng Israel, at mga taga ibang lupa
tungkol sa mga tipan ng pangako, na walang pagasa at
walang Dios sa sanglibutan. 13 Datapuwa't ngayon kay
Cristo Jesus kayo na noong panahon ay nalalayo ay inilapit
sa dugo ni Cristo. 14 Sapagka't siya ang ating kapayapaan,
na kaniyang pinagisa ang dalawa, at iginiba ang pader na
nasa gitna na nagpapahiwalay, 15 Na inalis ang pagkakaalit

sa pamamagitan ng kaniyang laman, kahit kautusan na
may mga batas at ang palatuntunan; upang sa dalawa ay
lalangin sa kaniyang sarili ang isang taong bago, sa ganito'y
ginagawa ang kapayapaan; 16 At upang papagkasunduin
silang dalawa sa isang katawan sa Dios sa pamamagitan
ng krus, na sa kaniya'y pinatay ang pagkakaalit. 17 At
siya'y naparito at ipinangaral ang kapayapaan sa inyong
nalalayo, at ang kapayapaan sa nangalalapit: 18 Sapagka't
sa pamamagitan niya tayo'y may pagpasok sa isang Espiritu
rin sa Ama. 19 Kaya nga hindi na kayo mga taga ibang
lupa at mga manglalakbay, kundi kayo'y mga kababayan na
kasama ng mga banal, at sangbahayan ng Dios, 20 Na mga
itinatayo sa ibabaw ng kinasasaligan ng mga apostol at ng
mga propeta, na si Cristo Jesus din ang pangulong bato sa
panulok; 21 Na sa kaniya'y ang buong gusali, na nakalapat
na mabuti, ay lumalago upang maging isang templong banal
sa Panginoon; 22 Na sa kaniya'y itinayo naman kayo upang
maging tahanan ng Dios sa Espiritu.

**3** Dahil dito, akong si Pablo, na bilanggo ni Cristo Jesus
dahil sa inyong mga Gentil, 2 Kung tunay na inyong
narinig yaong pagiging katiwala sa biyaya ng Dios na sa
akin ay ibinigay sa ikagagaling ninyo; 3 Kung paanong sa
pahayag ay ipinakilala sa akin ang hiwaga, gaya ng isinulat
ko nang una sa ilang salita. 4 Sa pamamagitan niyaon,
sa pagbasa ninyo, ay inyong mapagtatalastas ang aking
pagkakilala sa hiwaga ni Cristo; 5 Na nang ibang panahon ay
hindi ipinakilala sa mga anak ng mga tao, na gaya ngayon na
ipinahayag sa kaniyang mga banal na apostol at propeta sa
Espiritu; 6 Na ang mga Gentil ay mga tagapagmana, at mga
kasangkap ng katawan, at mga may bahagi sa pangako na
kay Cristo Jesus sa pamamagitan ng evangelio, 7 Na dito'y
ginawa akong ministro, ayon sa kaloob ng biyayang yaon ng
Dios na sa akin ay ibinigay ayon sa paggawa ng kaniyang
kapangyarihan. 8 Sa akin, na ako ang kababababaan sa
lahat ng lalong mababa sa mga banal, ay ibinigay ang
biyayang ito, upang ipangaral sa mga Gentil ang mga di
malirip na mga kayamanan ni Cristo; 9 At maipakita sa
lahat ng mga tao kung ano ang pagiging katiwala sa hiwaga
na sa lahat ng panahon ay inilihim ng Dios na lumalang
ng lahat ng mga bagay; **(aiōn g165)** 10 Upang ngayo'y sa
pamamagitan ng iglesia, ay maipakikilala sa mga pamunuan
at sa mga kapangyarihan sa sangkalangitan ang kapuspusan
ng karunungan ng Dios, 11 Ayon sa panukalang walang
hanggan na ipinanukala kay Cristo Jesus na Panginoon
natin: **(aiōn g165)** 12 Na sa kaniya'y mayroon tayong lakas ng
loob at pagpasok na may pagasa sa pamamagitan ng ating
pananampalataya sa kaniya. 13 Kaya nga ipinamamanhik ko
na huwag kayong manglupaypay sa mga kapighatian ko
dahil sa inyo, na pawang kapurihan ninyo. 14 Dahil dito ay
iniluluhod ko ang aking mga tuhod sa Ama, 15 Na sa kaniya'y
kumukuha ng pangalan ang bawa't sangbahayan sa langit at
sa lupa, 16 Upang sa inyo'y ipagkaloob niya, ayon sa mga
kayamanan ng kaniyang kaluwalhatian, na kayo'y palakasin
ng kapangyarihan sa pamamagitan ng kaniyang Espiritu sa
pagkataong loob; 17 Na si Cristo ay manahan sa inyong mga
puso sa pamamagitan ng pananampalataya; upang kung
kayo'y magugat at magtumibay sa pagibig. 18 Ay lumakas
upang matalastas pati ng lahat ng mga banal kung ano ang
luwang at ang haba at ang taas at lalim, 19 At makilala
ang pagibig ni Cristo na di masayod ng kaalaman, upang
kayo'y mangapuspos hanggang sa buong kapuspusan ng
Dios. 20 Ngayon sa makapangyarihang gumawa ng lubhang
sagana ng higit sa lahat ng ating hinihingi o iniisip, ayon sa
kapangyarihang gumagawa sa atin, 21 Ay sumakaniya nawa
ang kaluwalhatian sa iglesia at kay Cristo Jesus sa buong
panahon magpakailan man. Siya nawa. **(aiōn g165)**

**4** Namamanhik nga sa inyo akong bilanggo sa Panginoon,
na kayo'y magsilakad ng nararapat sa pagkatawag na sa
inyo'y itinawag, 2 Ng buong kapakumbabaan at kaamuan,
na may pagpapahinuhod, na mangagbatahan kayo-kayo sa
pagibig; 3 Na pagsakitan ninyong ingatan ang pakikipagkaisa
sa Espiritu sa tali ng kapayapaan. 4 May isang katawan, at
isang Espiritu, gaya naman ng pagkatawag sa inyo sa isang
pagasa ng pagtawag sa inyo; 5 Isang Panginoon, isang
pananampalataya, isang bautismo, 6 Isang Dios at Ama
ng lahat, na siyang sumasa ibabaw sa lahat, at sumasa
lahat, at nasa lahat. 7 Datapuwa't ang bawa't isa sa atin ay
binigyan ng biyaya ayon sa sukat na kaloob ni Cristo. 8
Kaya't sinasabi niya, Nang umakyat siya sa itaas ay dinala
niyang bihag ang pagkabihag, At nagbigay ng mga kaloob
sa mga tao. 9 (Ngayon ito, Umakyat Siya, ano ito, kundi
siya'y bumaba rin naman sa mga dakong kalaliman ng lupa?
10 Ang bumaba ay siya rin namang umakyat sa kaitaasan
ng buong sangkalangitan, upang kaniyang mapuspos ang
lahat ng mga bagay.) 11 At pinagkalooban niya ang mga
iba na maging mga apostol; at ang mga iba'y propeta;
at ang mga iba'y evangelista; at ang mga iba'y pastor at
mga guro; 12 Sa ikasasakdal ng mga banal, sa gawaing
paglilingkod sa ikatitibay ng katawan ni Cristo: 13 Hanggang
sa abutin nating lahat ang pagkakaisa ng pananampalataya,
at ang pagkakilala sa Anak ng Dios, hanggang sa lubos na
paglaki ng tao, hanggang sa sukat ng pangangatawan ng
kapuspusan ni Cristo: 14 Upang tayo'y huwag nang maging
mga bata pa, na napapahapay dito't doon at dinadala sa
magkabikabila ng lahat na hangin ng aral, sa pamamagitan
ng mga daya ng mga tao, sa katusuhan, ayon sa mga
lalang ng kamalian; 15 Kundi sa pagsasalita ng katotohanan
na may pagibig, ay mangagsilaki sa lahat ng mga bagay

sa kaniya, na siyang pangulo, sa makatuwid baga'y si
Cristo; 16 Na dahil sa kaniya'y ang buong katawan na
nakalapat na mabuti at nagkakalakip sa pamamagitan ng
tulong ng bawa't kasukasuan, ayon sa paggawang nauukol
sa bawa't iba't ibang sangkap, ay nagpapalaki sa katawan
sa ikatitibay ng kaniyang sarili sa pagibig. 17 Ito nga ang
sinasabi ko, at sinasaksihan sa Panginoon, na kayo'y hindi
na nagsisilakad pa na gaya naman ng lakad ng mga Gentil,
sa pagpapalalo sa kanilang pagiisip, 18 Na sa kadiliman ng
kanilang pagiisip, ay nangahiwalay sa buhay ng Dios, dahil
sa kahangalang nasa kanila, dahil sa pagmamatigas ng
kanilang puso; 19 Na sila sa di pagkaramdam ng kahihiyan
ay napahikayat sa kalibugan, upang kalakalin ang lahat
ng karumihan ng buong kasakiman. 20 Nguni't kayo'y
hindi nangatuto ng ganito kay Cristo; 21 Kung tunay na
siya'y inyong pinakinggan, at kayo'y tinuruan sa kaniya,
gaya ng katotohanan na kay Jesus. 22 At inyong iwan,
tungkol sa paraan ng inyong pamumuhay na nakaraan, ang
dating pagkatao, na sumama ng sumama ayon sa mga
kahalayan ng pagdaraya; 23 At kayo'y mangagbago sa
espiritu ng inyong pagiisip, 24 At kayo'y mangagbihis ng
bagong pagkatao, na ayon sa Dios ay nilalang sa katuwiran
at sa kabanalan ng katotohanan. 25 Kaya nga, pagkatakuwil
ng kasinungalingan, ay magsasalita ang bawa't isa sa inyo
ng katotohanan sa kaniyang kapuwa: sapagka't tayo'y mga
sangkap na isa't isa sa atin. 26 Kayo'y mangagalit at huwag
kayong mangakasala: huwag lumubog ang araw sa inyong
galit: 27 Ni bigyan daan man ang diablo. 28 Ang nagnanakaw
ay huwag nang magnakaw pa: bagkus magpagal, na igawa
ang kaniyang mga kamay ng mabuting bagay, upang
siya'y may maibigay sa nangangailangan. 29 Anomang
salitang mahalay ay huwag lumabas sa inyong bibig, kundi
ang mabuting ikatitibay ayon sa pangangailangan, upang
makinabang ng biyaya ang mga nagsisipakinig. 30 At huwag
ninyong pighatiin ang Espiritu Santo ng Dios, na sa kaniya
kayo'y tinatakan hanggang sa kaarawan ng pagkatubos.
31 Ang lahat ng kapaitan, at kagalitan, at pagkakaalit, at
kadaldalan, at panglilibak, ay mangaalis nawa sa inyo, pati
ng lahat ng masasamang akala: 32 At magmagandang-loob
kayo sa isa't isa, mga mahabagin, na mangagpatawaran
kayo sa isa't isa, gaya naman ng pagpapatawad sa inyo ng
Dios kay Cristo.

**5** Kayo nga'y magsitulad sa Dios, na gaya ng mga anak
na minamahal; 2 At magsilakad kayo sa pagibig, gaya rin
naman ng pagibig ni Cristo sa inyo, at ibinigay dahil sa atin
ang kaniyang sarili, na hain at handog sa Dios upang maging
samyo ng masarap na amoy. 3 Nguni't ang pakikiapid, at ang
lahat ng karumihan, o kasakiman, ay huwag man lamang
masambit sa inyo, gaya ng nararapat sa mga banal; 4 O ang
karumihan man, o mga mangmang na pananalita, o ang mga
pagbibiro, na di nangararapat: kundi kayo'y magpasalamat. 5
Sapagka't talastas ninyong lubos, na sinomang mapakiapid,
o mahalay, o masakim, na isang mapagsamba sa mga
diosdiosan, ay walang anomang mamanahin sa kaharian ni
Cristo at ng Dios. 6 Huwag kayong madaya ng sinoman ng
mga salitang walang kabuluhan: sapagka't dahil sa mga
bagay na ito'y dumarating ang galit ng Dios sa mga anak
ng pagsuway. 7 Huwag kayong makibahagi sa kanila; 8
Sapagka't noong panahon kayo'y kadiliman, datapuwa't
ngayon kayo'y kaliwanagan sa Panginoon: magsilakad
kayong gaya ng mga anak ng kaliwanagan: 9 (Sapagka't
ang bunga ng kaliwanagan ay nabubuo ng kabutihan at
katuwiran at katotohanan), 10 Na inyong pinatutunayan ang
kinalulugdan ng Panginoon; 11 At huwag kayong makibahagi
sa mga walang mapapakinabang na gawa ng kadiliman,
kundi bagkus inyong sawatain; 12 Sapagka't ang mga
bagay na ginagawa nila sa lihim ay mahalay na salitain
man lamang. 13 Datapuwa't ang lahat ng mga bagay pagka
sawata ay itinatanyag ng kaliwanagan: sapagka't ang lahat
ng mga bagay na itinatanyag ay kaliwanagan. 14 Kaya
sinasabi niya, Gumising kang natutulog, at magbangon
ka sa gitna ng mga patay, at liliwanagan ka ni Cristo. 15
Mangagingat nga kayong lubos kung paano kayo lumalakad,
huwag gaya ng mga mangmang, kundi gaya ng marurunong;
16 Na inyong samantalahin ang panahon, sapagka't ang mga
araw ay masasama. 17 Kaya huwag kayong maging mga
mangmang, kundi unawain ninyo kung ano ang kalooban ng
Panginoon. 18 At huwag kayong magsipaglasing ng alak na
kinaroroonan ng kaguluhan, kundi kayo'y mangapuspos ng
Espiritu; 19 Na kayo'y mangagusapan ng mga salmo at mga
himno at mga awit na ukol sa espiritu, na nangagaawitan
at nangagpupuri sa inyong mga puso sa Panginoon; 20
Na kayo'y laging magpasalamat sa lahat ng mga bagay
sa pangalan ng ating Panginoong Jesucristo sa Dios na
ating Ama; 21 Na pasakop kayo sa isa't isa sa takot kay
Cristo. 22 Mga babae, pasakop kayo sa inyo-inyong sariling
asawa, na gaya ng sa Panginoon. 23 Sapagka't ang lalake
ay pangulo ng kaniyang asawa, gaya naman ni Cristo na
pangulo ng iglesia, na siya rin ang tagapagligtas ng katawan.
24 Datapuwa't kung paanong ang iglesia ay nasasakop ni
Cristo, ay gayon din naman ang mga babae ay pasakop
sa kani-kaniyang asawa sa lahat ng mga bagay. 25 Mga
lalake, ibigin ninyo ang inyo-inyong asawa, gaya naman ni
Cristo na umibig sa iglesia, at ibinigay ang kaniyang sarili
dahil sa kaniya; 26 Upang kaniyang pakabanalin ito, na
nilinis sa pamamagitan ng paghuhugas ng tubig na may
salita, 27 Upang ang iglesia ay maiharap sa kaniyang sarili
na maluwalhati, na walang dungis o kulubot o anomang

gayong bagay; kundi ito'y nararapat maging banal at walang
kapintasan. 28 Gayon din naman nararapat ibigin ng mga
lalake ang kani-kaniyang sariling asawa, na gaya ng kanilang
sariling mga katawan. Ang umiibig sa kaniyang sariling
asawa ay umiibig sa kaniyang sarili: 29 Sapagka't walang
sinoman na napoot kailan man sa kaniyang sariling katawan;
kundi kinakandili at minamahal, gaya naman ni Cristo sa
iglesia; 30 Sapagka't tayo ay mga sangkap ng kaniyang
katawan. 31 Dahil dito'y iiwan ng lalake ang kaniyang ama
at ina, at makikisama sa kaniyang asawa; at ang dalawa
ay magiging isang laman. 32 Ang hiwagang ito ay dakila:
datapuwa't sinasalita ko ang tungkol kay Cristo at tungkol sa
iglesia. 33 Gayon man ay umibig naman ang bawa't isa sa
inyo sa kani-kaniyang sariling asawa gaya ng sa kaniyang
sarili; at ang babae ay gumalang sa kaniyang asawa.

**6** Mga anak, magsitalima kayo sa inyong mga magulang
sa Panginoon: sapagka't ito'y matuwid. 2 Igalang mo ang
iyong ama at ina (na siyang unang utos na may pangako),
3 Upang yumaon kang mabuti, at ikaw ay mabuhay na
malaon sa lupa. 4 At, kayong mga ama, huwag ninyong
ipamungkahi sa galit ang inyong mga anak: kundi inyong
turuan sila ayon sa saway at aral ng Panginoon. 5 Mga
alipin, magsitalima kayo sa mga yaong ayon sa laman
ay inyong mga panginoon, na may takot at panginginig,
sa katapatan ng inyong puso, na gaya ng kay Cristo; 6
Hindi ang paglilingkod sa paningin, na gaya ng pagbibigay
lugod sa mga tao; kundi bagkus gaya ng mga alipin ni
Cristo, na ginagawa mula sa puso ang kalooban ng Dios;
7 Maglingkod na may mabuting kalooban, na gaya ng sa
Panginoon, at hindi sa mga tao: 8 Yamang napagaalaman na
anomang mabuting bagay na gawin ng bawa't isa, ay gayon
din ang muling tatanggapin niya sa Panginoon, maging
alipin o laya. 9 At kayong mga panginoon, gayon din ang
inyong gawin sa kanila, at iwan ninyo ang mga pagbabala:
yamang napagaalaman na ang Panginoon nila at ninyo ay
nasa langit, at sa kaniya'y walang itinatanging tao. 10 Sa
katapustapusa'y magpakalakas kayo sa Panginoon, at sa
kapangyarihan ng kaniyang kalakasan. 11 Mangagbihis kayo
ng buong kagayakan ng Dios, upang kayo'y magsitibay
laban sa mga lalang ng diablo. 12 Sapagka't ang ating
pakikibaka ay hindi laban sa laman at dugo, kundi laban
sa mga pamunuan, laban sa mga kapangyarihan, laban
sa mga namamahala ng kadilimang ito sa sanglibutan,
laban sa mga ukol sa espiritu ng kasamaan sa mga dakong
kaitaasan. **(aiōn g165)** 13 Dahil dito magsikuha kayo ng buong
kagayakan ng Dios, upang kayo'y mangakatagal sa araw
na masama, at kung magawa ang lahat, ay magsitibay.
14 Magsitibay nga kayo, na ang inyong mga baywang ay
may bigkis na katotohanan, na may sakbat na baluti ng
katuwiran, 15 At ang inyong mga paa ay may panyapak
na paghahanda ng evangelio ng kapayapaan; 16 Bukod
dito ay taglayin ninyo ang kalasag ng pananampalataya, na
siyang ipapatay ninyo sa lahat ng nangagniningas na suligi
ng masama. 17 At magsikuha rin naman kayo ng turbante
ng kaligtasan, at ng tabak ng Espiritu, na siyang salita ng
Dios: 18 Na magsipanalangin kayo sa Espiritu ng lahat ng
panalangin at daing sa buong panahon, at mangagpuyat
sa buong katiyagaan at daing na patungkol sa lahat ng
mga banal, 19 At sa akin, upang ako'y pagkalooban ng
pananalita sa pagbubuka ng aking bibig, upang ipakilalang
may katapangan ang hiwaga ng evangelio, 20 Na dahil dito
ako'y isang sugong natatanikalaan; upang sa ganito ako'y
magsalita na may katapangan gaya ng nararapat na aking
salitain. 21 Datapuwa't upang mangaalaman ninyo naman
ang mga bagay na ukol sa akin, at ang kalagayan ko, si
Tiquico na aking minamahal na kapatid at tapat na ministro
sa Panginoon, ay siyang magpapakilala sa inyo ng lahat ng
mga bagay: 22 Na siyang aking sinugo sa inyo sa bagay na
ito, upang makilala ninyo ang aming kalagayan, at upang
kaniyang aliwin ang inyong mga puso. 23 Kapayapaan nawa
sa mga kapatid, at pagibig na may pananampalataya, mula
sa Dios Ama at sa Panginoong Jesucristo. 24 Ang biyaya
nawa'y sumalahat ng mga nagsisiibig sa ating Panginoong
Jesucristo ng pagibig na walang pagkasira. Siya nawa.

# Mga Filipos

**1** Si Pablo at si Timoteo, na mga alipin ni Cristo Jesus,
sa lahat ng mga banal kay Cristo Jesus na nangasa
Filipos, pati ng mga obispo at ng mga diakono: **2** Sumainyo
nawa ang biyaya at kapayapaang mula sa Dios na ating
Ama at sa Panginoong Jesucristo. **3** Ako'y nagpapasalamat
sa aking Dios, sa tuwing kayo'y aking naaalaala, **4** Na
parating sa bawa't daing ko, ay masayang nananaing ako na
patungkol sa inyong lahat, **5** Dahil sa inyong pakikisama
sa pagpapalaganap ng evangelio, mula nang unang araw
hanggang ngayon; **6** Na ako'y may lubos na pagkakatiwala
sa bagay na ito, na ang nagpasimula sa inyo ng mabuting
gawa, ay lulubusin hanggang sa araw ni Jesucristo: **7** Gaya
ng matuwid na aking isiping gayon tungkol sa inyong lahat,
sapagka't kayo'y nasa aking puso, palibhasa'y, sa aking mga
tanikala at pagsasanggalang at sa pagpapatunay naman
sa evangelio, kayong lahat na kasama ko ay may bahagi
sa biyaya. **8** Sapagka't saksi ko ang Dios, kung gaano
ang pananabik ko sa inyong lahat sa mahinahong habag
ni Cristo Jesus. **9** At ito'y idinadalangin ko, na ang inyong
pagibig ay lalo't lalo pang sumagana nawa sa kaalaman
at sa lahat ng pagkakilala; **10** Upang inyong kilalanin ang
mga bagay na magagaling; upang kayo'y maging mga tapat
at walang kapintasan hanggang sa kaarawan ni Cristo;
**11** Na mangapuspos ng bunga ng kabanalan, na ito'y sa
pamamagitan ni Jesucristo, sa ikaluluwalhati at ikapupuri ng
Dios. **12** Ngayon ibig ko na inyong maalaman, mga kapatid,
na ang mga bagay na nangyari sa akin ay nangyari sa lalong
ikasusulong ng evangelio; **13** Ano pa't ang aking mga tanikala
kay Cristo ay nahayag sa lahat ng mga bantay ng pretorio,
at sa mga iba't iba pa; **14** At ang karamihan sa mga kapatid
sa Panginoon, na palibhasa'y may pagkakatiwala sa aking
mga tanikala, ay lalong nagkaroon ng tapang upang salitaing
walang takot ang salita ng Dios. **15** Tunay na ipinangangaral
ng iba si Cristo sa kapanaghilian at sa pakikipagtalo; at
ng mga iba naman sa mabuting kalooban: **16** Ang isa'y
gumagawa nito sa pagibig, palibhasa'y nalalaman na ako'y
nalalagay sa pagsasanggalang ng evangelio; **17** Datapuwa't
itinatanyag ng iba si Cristo dahil sa pagkakampikampi, hindi
sa pagtatapat, na ang iniisip ay dalhan ako ng kapighatian
sa aking mga tanikala. **18** Ano nga? gayon man, sa lahat
ng paraan, maging sa pagdadahilan o sa katotohanan,
ay itinatanyag si Cristo; at sa ganito'y nagagalak ako, oo,
at ako'y magagalak. **19** Sapagka't nalalaman ko na ang
kahihinatnan nito'y sa aking ikaliligtas, sa pamamagitan ng
inyong pananaing at kapuspusan ng Espiritu ni Cristo, **20**
Ayon sa aking maningas na paghihintay at pagasa, na, sa
anoma'y hindi ako mapapahiya, kundi sa buong katapangan,
na gaya ng dati, gayon din naman ngayon, ay dadakilain
si Cristo sa aking katawan, maging sa pamamagitan ng
kabuhayan, o sa pamamagitan ng kamatayan. **21** Sapagka't
sa ganang akin ang mabuhay ay si Cristo, at ang mamatay
ay pakinabang. **22** Nguni't kung ang mabuhay sa laman ay
siya kong palad, ito'y magiging mabungang pagpapagal, na
aywan ko nga kung ano ang aking pipiliin. **23** Sapagka't
ako'y nagigipit sa magkabila, akong may nasang umalis at
suma kay Cristo; sapagka't ito'y lalong mabuti: **24** Gayon
ma'y ang manatili sa laman ay siyang lalong kinakailangan
dahil sa inyo. **25** At sa pagkakatiwalang ito, ay aking
nalalaman na ako'y mananatili, oo, at mananatili ako na
kasama ninyong lahat, sa ikasusulong ninyo at ikagagalak
sa pananampalataya; **26** Upang managana ang inyong
pagmamapuri kay Cristo Jesus sa akin sa pamamagitan
ng aking pagharap na muli sa inyo. **27** Ang inyo lamang
pamumuhay ay maging karapatdapat sa evangelio ni Cristo:
upang, maging ako ay dumating at kayo'y makita, o wala
man sa harap ninyo, ay mabalitaan ko ang inyong kalagayan,
na kayo'y matitibay sa isang espiritu, na kayo'y mangagkaisa
ng kaluluwa na nangagsisikap sa pananampalataya sa
evangelio; **28** At sa anoman ay huwag kayong mangatakot
sa mga kaaway: na ito sa kanila ay malinaw na tanda ng
kapahamakan, datapuwa't tanda ng inyong pagkaligtas,
at ito'y mula sa Dios; **29** Sapagka't sa inyo'y ipinagkaloob
alangalang kay Cristo, hindi lamang upang manampalataya
sa kaniya, kundi upang magtiis din naman alangalang sa
kaniya: **30** Yamang taglay ninyo ang pakikipagbuno na
inyong nakita rin sa akin, at ngayo'y nababalitaan ninyong
taglay ko.

**2** Kaya nga kung mayroong anomang kasiglahan kay
Cristo, kung mayroong anomang kaaliwan ng pagibig,
kung mayroong anomang pakikisama ng Espiritu, kung
mayroong anomang mahinahong awa at habag, **2** Ay lubusin
ninyo ang aking katuwaan, upang kayo'y mangagkaisa ng
pagiisip, mangagtaglay ng isa ring pagibig, na mangagkaisa
ng akala, at isa lamang pagiisip; **3** Na huwag ninyong
gawin ang anoman sa pamamagitan ng pagkakampikampi
o sa pamamagitan ng pagpapalalo, kundi sa kababaan
ng pagiisip, na ipalagay ng bawa't isa ang iba na lalong
mabuti kay sa kaniyang sarili; **4** Huwag tingnan ng bawa't
isa sa inyo ang sa kaniyang sarili, kundi ang bawa't isa
naman ay sa iba't iba. **5** Mangagkaroon kayo sa inyo ng
pagiisip, na ito'y na kay Cristo Jesus din naman: **6** Na siya,
bagama't nasa anyong Dios, ay hindi niya inaring isang
bagay na nararapat panangnan ang pagkapantay niya sa
Dios, **7** Kundi bagkus hinubad niya ito, at naganyong alipin,
na nakitulad sa mga tao: **8** At palibhasa'y nasumpungan
sa anyong tao, siya'y nagpakababa sa kaniyang sarili, na

nagmasunurin hanggang sa kamatayan, oo, sa kamatayan
sa krus. 9 Kaya siya naman ay pinakadakila ng Dios, at
siya'y binigyan ng pangalang lalo sa lahat ng pangalan; 10
Upang sa pangalan ni Jesus ay iluhod ang lahat ng tuhod,
ng nangasa langit, at ng nangasa ibabaw ng lupa, at ng
nangasa ilalim ng lupa, 11 At upang ipahayag ng lahat ng
mga dila na si Jesucristo ay Panginoon, sa ikaluluwalhati
ng Dios Ama. 12 Kaya nga, mga minamahal ko, kung
paano ang inyong laging pagsunod, na hindi lamang sa
harapan ko, kundi bagkus pa ngayong ako'y wala, ay lubusin
ninyo ang gawain ng inyong sariling pagkaligtas na may
takot at panginginig; 13 Sapagka't Dios ang gumagawa
sa inyo maging sa pagnanasa at sa paggawa, ayon sa
kaniyang mabuting kalooban. 14 Gawin ninyo ang lahat
ng mga bagay na walang mga bulungbulong at pagtatalo:
15 Upang kayo'y maging walang sala at walang malay,
mga anak ng Dios na walang dungis sa gitna ng isang
lahing liko at masama, na sa gitna nila'y lumiliwanag kayong
tulad sa mga ilaw sa sanglibutan, 16 Na nagpapahayag
ng salita ng kabuhayan; upang may ipagkapuri ako sa
kaarawan ni Cristo, na hindi ako tumakbo nang walang
kabuluhan ni nagpagal man nang walang kabuluhan. 17 Oo,
kahit ako'y maging hain sa paghahandog at paglilingkod
ng inyong pananampalataya, ako'y nakikipagkatuwa, at
nakikigalak sa inyong lahat: 18 At sa ganyan ding paraan
kayo'y nakikipagkatuwa naman, at nakikigalak sa akin. 19
Datapuwa't inaasahan ko sa Panginoong Jesus na suguing
madali sa inyo si Timoteo, upang ako naman ay mapanatag,
pagkaalam ko ng inyong kalagayan. 20 Sapagka't walang
taong katulad ko ang pagiisip na magmamalasakit na totoo sa
inyong kalagayan. 21 Sapagka't pinagsisikapan nilang lahat
ang sa kanilang sarili, hindi ang mga bagay ni Jesucristo.
22 Nguni't nalalaman ninyo ang pagkasubok sa kaniya na
gaya ng paglilingkod ng anak sa ama, ay gayon naglilingkod
siyang kasama ko sa ikalalaganap ng evangelio. 23 Siya
nga ang aking inaasahang suguin madali, pagkakita ko kung
ano ang mangyayari sa akin: 24 Datapuwa't umaasa ako
sa Panginoon, na diya'y makararating din naman akong
madali. 25 Nguni't inakala kong kailangang suguin sa inyo si
Epafrodito, na aking kapatid at kamanggagawa, at kapuwa
kawal at inyong sugo at katiwala sa aking kailangan. 26
Yamang siya'y nananabik sa inyong lahat, at totoong siya'y
namanglaw, sapagka't inyong nabalitaan na siya'y may-
sakit: 27 Katotohanan ngang nagkasakit siya na malapit na
sa kamatayan: nguni't kinahabagan siya ng Dios; at hindi
lamang siya kundi pati ako, upang ako'y huwag magkaroon
ng sapinsaping kalumbayan. 28 Siya nga'y sinugo kong may
malaking pagpipilit, upang, pagkakitang muli ninyo sa kaniya,
kayo'y mangagalak, at ako'y mabawasan ng kalumbayan. 29
Tanggapin nga ninyo siya sa Panginoon ng buong galak;
at ang gayon ay papurihan ninyo: 30 Sapagka't dahil sa
pagpapagal kay Cristo ay nalapit siya sa kamatayan, na
isinasapanganib ang kaniyang buhay upang punan ang
kakulangan sa inyong paglilingkod sa akin.

3 Sa katapustapusan, mga kapatid ko, mangagalak kayo
sa Panginoon. Ang pagsulat ko nga sa inyo ng mga
gayon ding bagay, sa akin ay tunay na hindi nakangangalay,
nguni't sa inyo'y katiwasayan. 2 Magsipagingat kayo sa mga
aso, magsipagingat kayo sa masasamang manggagawa,
magsipagingat kayo sa mga sa pagtutuli: 3 Sapagka't
tayo ang pagtutuli, na nagsisisamba sa Espiritu ng
Dios, at nangagmamapuri kay Cristo Jesus, at walang
anomang pagkakatiwala sa laman: 4 Bagama't ako'y
makapagkakatiwala sa laman: na kung ang iba ay nagaakala
na may pagkakatiwala sa laman, ay lalo na ako: 5 Na tinuli
ng ikawalong araw, mula sa lahi ng Israel, mula sa angkan
ni Benjamin, Hebreo sa mga Hebreo; tungkol sa kautusan,
ay Fariseo; 6 Tungkol sa pagsisikap, ay manguusig sa
iglesia; tungkol sa kabanalan na nasa kautusan, ay walang
kapintasan. 7 Gayon man ang mga bagay na sa akin ay
pakinabang, ay inari kong kalugihan, alangalang kay Cristo.
8 Oo nga, at lahat ng mga bagay ay inaari kong kalugihan
dahil sa dakilang kagalingan ng pagkakilala kay Cristo Jesus
na Panginoon ko: na alangalang sa kaniya'y tiniis ko ang
kalugihan ng lahat ng mga bagay, at inari kong sukal lamang,
upang tamuhin ko si Cristo, 9 At ako'y masumpungan sa
kaniya, na walang katuwirang aking sarili, sa makatuwid
baga'y sa kautusan, kundi ang katuwirang sa pamamagitan
ng pananampalataya kay Cristo, ang katuwiran ngang
buhat sa Dios sa pamamagitan ng pananampalataya: 10
Upang makilala ko siya, at ang kapangyarihan ng kaniyang
pagkabuhay na maguli, at ang pakikisama ng kaniyang mga
kahirapan, na ako'y natutulad sa kaniyang pagkamatay; 11
Kung aking tamuhin sa anomang paraan ang pagkabuhay
na maguli sa mga patay. 12 Hindi sa ako'y nagtamo na, o
ako'y nalubos na: kundi nagpapatuloy ako, baka sakaling
maabot ko yaong ikinaaabot naman sa akin ni Cristo Jesus.
13 Mga kapatid, hindi ko pa inaaring inabot: datapuwa't isang
bagay ang ginagawa ko, na nililimot ang mga bagay na
nasa likuran, at tinutungo ang mga bagay na hinaharap, 14
Nagtutumulin ako sa hangganan sa ganting-pala ng dakilang
pagtawag ng Dios na kay Cristo Jesus. 15 Kaya nga, kung
ilan tayong mga sakdal, ay magisip ng gayon: at kung
sa anoma'y nangagkakaiba kayo ng iniisip ay ipahahayag
naman ito sa inyo ng Dios: 16 Lamang, ay magsilakad
tayo ayon sa gayon ding ayos na ating inabot na. 17
Mga kapatid, kayo'y mangagkaisang tumulad sa akin, at
tandaan ninyo ang mga nagsisilakad ng gayon, ayon sa

halimbawang nakikita ninyo sa akin. 18 Sapagka't marami
ang mga nagsisilakad, na siyang madalas na aking sinabi sa
inyo, at ngayo'y sinasabi ko sa inyo na may pagiyak, na
sila ang mga kaaway ng krus ni Cristo: 19 Na ang kanilang
kahihinatnan ay ang kapahamakan, na ang kanilang dios
ay ang tiyan, at ang kanilang kapurihan ay nasa kanilang
kahihiyan, na nagiisip ng mga bagay na ukol sa lupa. 20
Sapagka't ang ating pagkamamamayan ay nasa langit;
mula doon ay hinihintay naman natin ang Tagapagligtas,
ang Panginoong Jesucristo: 21 Na siyang magbabago ng
katawan ng ating pagkamababa, upang maging katulad ng
katawan ng kaniyang kaluwalhatian, ayon sa paggawa na
maipagpapasuko niya sa lahat ng mga bagay sa kaniya.

4 Kaya nga, mga kapatid kong minamahal at pinananabikan,
aking katuwaan at putong, magsitibay nga kayo sa
Panginoon, mga minamahal ko. 2 Ipinamamanhik ko kay
Euodias, at ipinamamanhik ko kay Sintique, na mangagkaisa
ng pagiisip sa Panginoon. 3 Oo, ipinamamanhik ko rin
naman sa iyo, tapat na kasama sa pagtulong, na iyong
tulungan ang mga babaing ito, sapagka't sila'y nangagpagal
na kasama ko sa evangelio, at kasama rin naman ni
Clemente, at ng ibang aking mga kamanggagawa, na
ang kanilang pangalan ay nangasa aklat ng buhay. 4
Mangagalak kayong lagi sa Panginoon: muli kong sasabihin,
Mangagalak kayo. 5 Makilala nawa ang inyong kahinhinan
ng lahat ng mga tao. Ang Panginoon ay malapit na. 6
Huwag kayong mangabalisa sa anomang bagay; kundi
sa lahat ng mga bagay sa pamamagitan ng panalangin
at daing na may pagpapasalamat ay ipakilala ninyo ang
inyong mga kahilingan sa Dios. 7 At ang kapayapaan
ng Dios, na di masayod ng pagiisip, ay magiingat ng
inyong mga puso at ng inyong mga pagiisip kay Cristo
Jesus. 8 Katapustapusan, mga kapatid, anomang bagay na
katotohanan, anomang bagay na kagalanggalang, anomang
bagay na matuwid, anomang bagay na malinis, anomang
bagay na kaibigibig, anomang bagay na mabuting ulat;
kung may anomang kagalingan, at kung may anomang
kapurihan, ay isipin ninyo ang mga bagay na ito. 9 Ang
mga bagay na inyong natutuhan at tinanggap at narinig at
nakita sa akin, ang mga bagay na ito ang gawin ninyo: at
ang Dios ng kapayapaan ay sasa inyo. 10 Datapuwa't ako'y
totoong nagagalak sa Panginoon, na ngayon sa kahulihulihan
ay inyong binuhay ang inyong pagmamalasakit sa akin;
na dito'y katotohanang nangagkaroon kayo ng malasakit,
nguni't kayo'y nagkulang ng mabuting pagkakataon. 11
Hindi sa sinasabi ko ang tungkol sa kailangan: sapagka't
aking natutuhan ang masiyahan sa anomang kalagayang
aking kinaroroonan. 12 Marunong akong magpakababa, at
marunong naman akong magpakasagana: sa bawa't bagay
at sa lahat ng bagay ay natutuhan ko ang lihim maging
sa kabusugan, at maging sa kagutuman, at maging sa
kasaganaan at maging sa kasalatan. 13 Lahat ng mga
bagay ay aking magagawa doon sa nagpapalakas sa akin.
14 Gayon man ay mabuti ang inyong ginawa na kayo'y
nakiramay sa aking kapighatian. 15 At kayo mga taga Filipos,
nalalaman naman ninyo, na nang pasimulan ang evangelio,
nang ako'y umalis sa Macedonia, alin mang iglesia ay walang
nakipagkaisa sa akin sa pagkakaloob at pagtanggap kundi
kayo lamang; 16 Sapagka't sa Tesalonica ay nagpadala
kayong minsan at muli para sa aking kailangan. 17 Hindi sa
ako'y naghahanap ng kaloob; kundi hinahanap ko ang bunga
na dumadami sa ganang inyo. 18 Datapuwa't mayroon ako
ng lahat ng bagay, at sumasagana: ako'y busog, palibhasa'y
tumanggap kay Epafrodito ng mga bagay na galing sa inyo,
na isang samyo ng masarap na amoy, isang handog na
kaayaaya, na lubhang nakalulugod sa Dios. 19 At pupunan
ng aking Dios ang bawa't kailangan ninyo ayon sa kaniyang
mga kayamanan sa kaluwalhatian kay Cristo Jesus. 20
Ngayon nawa'y suma ating Dios at Ama ang kaluwalhatian
magpakailan man. Siya nawa. **(aiōn g165)** 21 Batiin ninyo ang
bawa't banal kay Cristo Jesus. Binabati kayo ng mga kapatid
na kasama ko. 22 Binabati kayo ng lahat ng mga banal,
lalong lalo na ng mga kasangbahay ni Cesar. 23 Ang biyaya
ng Panginoong Jesucristo ay sumainyo nawang espiritu.

# Mga Colosas

**1** Si Pablo, na apostol ni Jesucristo sa pamamagitan ng
kalooban ng Dios, at ang kapatid nating si Timoteo, **2** Sa
mga banal at tapat na mga kapatid kay Cristo, na nangasa
sa Colosas: Sumainyo nawa ang biyaya at kapayapaang
mula sa Dios na ating Ama. **3** Nagpapasalamat kami sa
Dios, na Ama ng ating Panginoong Jesucristo, na kayo'y
laging idinadalangin, **4** Nang nabalitaan namin ng inyong
pananampalataya kay Cristo Jesus, at ang pagibig ninyo
sa lahat ng mga banal, **5** Dahil sa pagasa na natataan
para sa inyo sa langit, na nang una ay inyong narinig sa
salita ng katotohanan ng evangelio, **6** Na ito'y dumating sa
inyo; gayon din naman kung paano sa buong sanglibutan
na namumunga at lumalaganap, gaya rin naman sa inyo,
mula nang araw na inyong marinig at maalaman ang biyaya
ng Dios sa katotohanan; **7** Ayon sa inyong natutuhan kay
Epafras na aming minamahal na kasamang lingkod, na isang
tapat na ministro ni Cristo, sa ganang atin; **8** Na siya rin
namang sa amin ay nagbalita ng inyong pagibig sa Espiritu.
**9** Dahil dito'y kami naman, mula nang araw na aming marinig
ito, ay hindi kami nagsisitigil ng pananalangin at ng paghingi
na patungkol sa inyo, upang kayo'y puspusin ng kaalaman
ng kaniyang kalooban, sa buong karunungan at pagkaunawa
ayon sa espiritu, **10** Upang kayo'y magsilakad ng nararapat
sa Panginoon, sa buong ikalulugod niya, at magsipamunga
sa bawa't gawang mabuti, at magsilago sa kaalaman ng
Dios; **11** Na kayo'y palakasin ng buong kapangyarihan, ayon
sa kalakasan ng kaniyang kaluwalhatian, sa buong pagtitiis
at pagpapahinuhod na may galak; **12** Na nagpapasalamat
sa Ama, na nagpaging dapat sa atin upang makabahagi
sa mana ng mga banal sa kaliwanagan; **13** Na siyang
nagligtas sa atin sa kapangyarihan ng kadiliman, at naglipat
sa atin sa kaharian ng Anak ng kaniyang pagibig; **14**
Na siyang kinaroroonan ng ating katubusan, na siyang
kapatawaran ng ating mga kasalanan: **15** Na siya ang
larawan ng Dios na di nakikita, ang panganay ng lahat ng
mga nilalang; **16** Sapagka't sa kaniya nilalang ang lahat
na mga bagay, sa sangkalangitan at sa sangkalupaan, na
mga bagay na nakikita at ang mga bagay na di nakikita,
maging mga luklukan o mga pagsakop o mga pamunuan
o mga kapangyarihan; lahat ng mga bagay ay nilalang sa
pamamagitan niya at ukol sa kaniya; **17** At siya'y una sa lahat
ng mga bagay, at ang lahat ng mga bagay ay nangabubuhay
dahil sa kaniya. **18** At siya ang ulo ng katawan, sa makatuwid
baga'y ng iglesia; na siya ang pasimula, ang panganay sa
mga patay; upang sa lahat ng mga bagay, ay magkaroon
siya ng kadakilaan. **19** Sapagka't minagaling ng Ama na
ang buong kapuspusan ay manahanan sa kaniya; **20** At
sa pamamagitan niya ay pakipagkasunduin sa kaniya ang
lahat ng mga bagay, na pinapayapa niya sa pamamagitan
ng dugo ng kaniyang krus; sa pamamagitan niya, sinasabi
ko, maging mga bagay sa kalupaan, o mga bagay sa
sangkalangitan. **21** At kayo, nang nakaraang panahon ay
nangahihiwalay at mga kaaway sa inyong pagiisip sa inyong
mga gawang masasama. **22** Gayon ma'y pinakipagkasundo
niya ngayon sa katawan ng kaniyang laman, sa pamamagitan
ng kamatayan, upang kayo'y iharap na mga banal at walang
dungis at walang kapintasan sa harapan niya: **23** Kung tunay
na kayo'y mamamalagi sa pananampalataya, na nababaon
at matitibay, at di makilos sa pagasa sa evangelio na inyong
narinig, na ipinangaral sa lahat ng mga nilalang sa silong
ng langit; na dito akong si Pablo ay ginawang ministro. **24**
Ngayo'y nagagalak ako sa aking mga hirap dahil sa inyo,
at aking pinupunan sa akin ang kakulangan ng mga hirap
ni Cristo sa aking laman dahil sa kaniyang katawan, na
siyang iglesia; **25** Na ako'y ginawang ministro nito, ayon sa
pamamahala na mula sa Dios na ibinigay sa akin para sa
inyo upang maipahayag ang salita ng Dios, **26** Maging ang
hiwaga na inilihim sa lahat ng panahon at lahi: datapuwa't
ngayo'y ipinahayag sa kaniyang mga banal, **(aiōn g165)** **27** Na
sa kanila'y minagaling ng Dios na ipakilala kung ano ang
mga kayamanan ng kaluwalhatian ng hiwagang ito sa gitna
ng mga Gentil, na ito'y si Cristo na nasa inyo, na pagasa
ninyo sa kaluwalhatian: **28** Na siya naming inihahayag, na
pinaaalalahanan ang bawa't tao at tinuturuan ang bawa't
tao, sa buong karunungan, upang maiharap naming sakdal
kay Cristo ang bawa't tao; **29** Na dahil dito'y nagpapagal din
naman ako, na nagpipilit ayon sa kaniyang paggawa, na
siyang sa akin ay gumagawa na may kapangyarihan.

**2** Sapagka't ibig ko na inyong maalaman kung gaano kalaki
ang aking pagpipilit dahil sa inyo, at sa nangasa Laodicea,
at sa lahat na hindi nakakita ng mukha ko sa laman; **2**
Upang mangaaliw ang kanilang mga puso, sa kanilang
pagkakalakip sa pagibig, at sa lahat ng mga kayamanan
ng lubos na katiwasayan ng pagkaunawa, upang makilala
nila ang hiwaga ng Dios, sa makatuwid baga'y si Cristo, **3**
Na siyang kinatataguan ng lahat ng mga kayamanan ng
karunungan at ng kaalaman. **4** Ito'y sinasabi ko, upang
huwag kayong madaya ng sinoman sa mga pananalitang
kaakitakit. **5** Sapagka't bagaman sa laman ako'y wala sa
harap, gayon ma'y nasa inyo ako sa espiritu, na nagagalak
at nakikita ko ang inyong ayos, at ang katibayan ng inyong
pananampalataya kay Cristo. **6** Kung paano nga na inyong
tinanggap si Cristo Jesus na Panginoon, ay magsilakad
kayong gayon sa kaniya, **7** Na nangauugat at nangatatayo
sa kaniya, at matibay sa inyong pananampalataya, gaya ng
pagkaturo sa inyo, na sumasagana sa pagpapasalamat.

8 Kayo'y magsipagingat, baka sa inyo'y may bumihag sa
pamamagitan ng kaniyang pilosopia at walang kabuluhang
pagdaraya, ayon sa sali't saling sabi ng mga tao, ayon sa
mga pasimulang aral ng sanglibutan, at di ayon kay Cristo:
9 Sapagka't sa kaniya'y nananahan ang buong kapuspusan
ng pagka Dios sa kahayagan ayon sa laman, 10 At sa
kaniya kayo'y napuspus na siyang pangulo ng lahat na
pamunuan at kapangyarihan: 11 Na sa kaniya ay tinuli rin
naman kayo ng pagtutuling hindi gawa ng mga kamay, sa
pagkahubad ng katawang laman, sa pagtutuli ni Cristo;
12 Na nangalibing na kalakip niya sa bautismo, na kayo
nama'y muling binuhay na kalakip niya, sa pamamagitan ng
pananampalataya sa pagawa ng Dios, na muling bumangon
sa kaniya sa mga patay. 13 At nang kayo'y mga patay dahil
sa inyong mga kasalanan, at sa di pagtutuli ng inyong laman
ay kaniyang binuhay kayo na kalakip niya, na ipinatawad
sa atin ang ating lahat na mga kasalanan: 14 Na pinawi
ang usapang nasusulat sa mga palatuntunan laban sa
atin, na hindi naayon sa atin: at ito'y kaniyang inalis, na
ipinako sa krus; 15 Pagkasamsam sa mga pamunuan at
sa mga kapangyarihan sila'y mga inilagay niya sa hayag
na kahihiyan, na nagtatagumpay siya sa kanila sa bagay
na ito. 16 Sinoman nga ay huwag humatol sa inyo tungkol
sa pagkain, o sa paginom, o tungkol sa kapistahan, o
bagong buwan o araw ng sabbath: 17 Na isang anino ng
mga bagay na magsisidating: nguni't ang katawan ay kay
Cristo. 18 Sinoman ay huwag manakawan ng ganting-pala
sa inyo sa pamamagitan ng kusang pagpapakababa at
pagsamba sa mga anghel, na nananatili sa mga bagay
na kaniyang nakita, na nagpapalalo ng walang kabuluhan
sa pamamagitan ng kaniyang akalang ukol sa laman, 19
At hindi nangangapit sa Ulo, na sa kaniya'y ang buong
katawan, na inaalalayan at nakalakip sa pamamagitan ng
mga kasukasuan at mga litid, ay lumalago ng paglagong
mula sa Dios. 20 Kung kayo'y nangamatay na kalakip
ni Cristo mula sa mga pasimulang aral ng sanglibutan,
bakit, na waring kayo'y nangabubuhay pa sa sanglibutan,
kayo'y nangapasasakop sa mga palatuntunan, 21 Gaya ng:
Huwag dumampot, ni huwag lumasap, ni huwag humipo;
22 (Ang lahat ng mga bagay na ito ay mangasisira sa
paggamit), ayon sa mga utos at mga aral ng mga tao? 23
Ang mga bagay na iya'y katotohanang mayroong anyo ng
karunungan sa pagsambang kusa, at sa pagpapakababa, at
sa pagpapakahirap sa katawan; nguni't walang anomang
kabuluhan laban sa ikalalayaw ng laman.

3 Kung kayo nga'y muling binuhay na kalakip ni Cristo,
ay hanapin ninyo ang mga bagay na nangasa itaas, na
kinaroroonan ni Cristo, na nakaupo sa kanan ng Dios. 2
Ilagak ninyo ang inyong pagiisip sa mga bagay na nangasa
itaas, huwag sa mga bagay na nangasa ibabaw ng lupa. 3
Sapagka't kayo'y nangamatay na, at ang inyong buhay ay
natatagong kasama ni Cristo sa Dios. 4 Pagka si Cristo na
ating buhay ay mahayag, ay mahahayag nga rin kayo na
kasama niya sa kaluwalhatian. 5 Patayin nga ninyo ang
inyong mga sangkap ng katawang nangasa ibabaw ng lupa,
pakikiapid, karumihan, masamang pita, masasamang nasa,
at kasakiman, na iya'y pagsamba sa mga diosdiosan; 6 Na
dahil sa mga bagay na iyan ay dumarating ang kagalitan ng
Dios sa mga anak ng pagsuway: 7 Na inyo ring nilakaran
nang una, nang kayo'y nangabubuhay pa sa mga bagay na
ito; 8 Datapuwa't ngayon ay inyo namang layuan ang lahat
ng mga ito: galit, kapootan, paghihinala, panunungayaw, mga
salitang kahalay-halay na mula sa inyong bibig: 9 Huwag
kayong mangagbubulaan sa isa't isa; yamang hinubad
na ninyo ang datihang pagkatao pati ng kaniyang mga
gawa, 10 At kayo'y nangagbihis ng bagong pagkatao,
na nagbabago sa kaalaman ayon sa larawan niyaong
lumalang sa kaniya: 11 Doo'y hindi maaaring magkaroon
ng Griego at ng Judio, ng pagtutuli at ng di pagtutuli, ng
barbaro, ng Scita, ng alipin, ng laya; kundi si Cristo ang
lahat, at sa lahat. 12 Mangagbihis nga kayo gaya ng mga
hinirang ng Dios, na mga banal at minamahal, ng isang
pusong mahabagin, ng kagandahangloob, ng kababaan, ng
kaamuan, ng pagpapahinuhod: 13 Mangagtiisan kayo sa
isa't isa, at mangagpatawaran kayo sa isa't isa, kung ang
sinoman ay may sumbong laban sa kanino man; na kung
paanong pinatawad kayo ng Panginoon, ay gayon din naman
ang inyong gawin: 14 At sa ibabaw ng lahat ng mga bagay
na ito ay mangagbihis kayo ng pagibig na siyang tali ng
kasakdalan. 15 At maghari sa inyong puso ang kapayapaan
ni Cristo, na diya'y tinawag din naman kayo sa isang
katawan; at kayo'y maging mapagpasalamat. 16 Manahanan
nawang sagana sa inyo ang salita ni Cristo; ayon sa buong
karunungan, kayo'y mangagturuan at mangagpaalalahanan
sa isa't isa sa pamamagitan ng mga salmo at ng mga himno
at mga awit na ukol sa espiritu, na magsiawit kayong may
biyaya sa inyong puso sa Dios. 17 At anomang inyong
ginagawa, sa salita, o sa gawa, gawin ninyong lahat sa
pangalan ng Panginoong Jesus, na nagpapasalamat kayo
sa Dios sa pamamagitan niya. 18 Mga babae, pasakop kayo
sa inyo-inyong asawa, gaya ng nararapat sa Panginoon. 19
Mga lalake, ibigin ninyo ang inyo-inyong asawa, at huwag
kayong maging mapait sa kanila. 20 Mga anak, magsitalima
kayo sa inyong magulang sa lahat ng mga bagay, sapagka't
ito'y totoong nakalulugod sa Panginoon. 21 Mga ama, huwag
ninyong ipamungkahi sa galit ang inyong mga anak, upang
huwag manghina ang loob nila. 22 Mga alipin, magsitalima
kayo sa lahat ng mga bagay sa mga yaong ayon sa laman ay

inyong mga panginoon: hindi ang paglilingkod sa paningin,
na gaya ng pagbibigay lugod sa mga tao, kundi sa katapatan
ng puso, na mangatakot sa Panginoon: **23** Anomang inyong
ginagawa, ay inyong gawin ng buong puso, na gaya ng
sa Panginoon, at hindi sa mga tao; **24** Yamang inyong
nalalaman na sa Panginoon ay tatanggapin ninyo ang
ganting mana; sapagka't naglilingkod kayo sa Panginoong
Jesucristo. **25** Sapagka't ang gumagawa ng masama ay
tatanggap ng ayon sa masama na kaniyang ginawa; at
walang itinatanging mga tao.

**4** Mga panginoon, gawin ninyo sa inyong mga alipin
ang matuwid, at katampatan; yamang nalalaman ninyo
na kayo naman ay mayroong ding isang Panginoon sa
langit. **2** Manatili kayong palagi sa pananalangin, na kayo'y
mangagpuyat na may pagpapasalamat; **3** Na tuloy idalangin
din ninyo kami, na buksan sa amin ng Dios ang pinto sa
salita, upang aming salitain ang hiwaga ni Cristo, na dahil din
dito'y may mga tanikala ako; **4** Upang ito'y aking maihayag,
gaya ng aking nararapat na salitain. **5** Magsilakad kayo na
may karunungan sa nangasa labas, na inyong samantalahin
ang panahon. **6** Ang inyong pananalita nawa'y laging may
biyaya, na magkalasang asin, upang inyong maalaman kung
ano ang nararapat ninyong isagot sa bawa't isa. **7** Ang
lahat na mga bagay ukol sa akin ay ipatatalastas sa inyo ni
Tiquico, na minamahal na kapatid at tapat na ministro, at
kasamang lingkod sa Panginoon: **8** Na siyang aking sinugo
sa inyo sa bagay na ito, upang maalaman ninyo ang aming
kalagayan, at upang kaniyang aliwin ang inyong mga puso;
**9** Na kasama ni Onesimo, tapat at minamahal na kapatid,
na siya'y isa sa inyo. Sila ang magpapatalastas sa inyo
ng lahat ng mga bagay na nangyayari dini. **10** Binabati
kayo ni Aristarco na kasama ko sa bilangguan, at ni Marcos
na pinsan ni Bernabe (tungkol sa kaniya'y tinanggap na
ninyo ang mga utos: kung paririyan siya sa inyo, ay inyong
tanggapin), **11** At si Jesus na tinatawag na Justo, na pawang
sa pagtutuli: ang mga ito lamang ang aking kamanggagawa
sa kaharian ng Dios, mga taong naging kaaliwan ko. **12**
Binabati kayo ni Epafras, na isa sa inyo, na lingkod ni Cristo
Jesus, na siyang laging nagsisikap dahil sa inyo sa kaniyang
pananalangin, upang kayo'y magsitatag na mga sakdal at
lubos na tiwasay sa lahat na kalooban ng Dios. **13** Sapagka't
siya'y binibigyan kong patotoo na siya'y totoong nagpapagal
sa inyo, at sa nangasa Laodicea, at sa nangasa Hierapolis.
**14** Binabati kayo ni Lucas, ang minamahal na manggagamot,
at ni Demas. **15** Batiin ninyo ang mga kapatid na nangasa
Laodicea, at si Nimfas, at ang iglesiang nasa kanilang bahay.
**16** At pagkabasa ng sulat na ito sa inyo, ay ipabasa naman
ninyo sa iglesia ng mga taga Laodicea; at basahin naman
ninyo ang sulat na mula sa Laodicea. **17** At sabihin ninyo kay
Arquipo, Ingatan mong tuparin ang ministerio na tinanggap
mo sa Panginoon. **18** Ang bating sinulat ng aking sariling
kamay, akong si Pablo. Alalahanin ninyo ang aking mga
tanikala. Ang biyaya'y sumasainyo nawa.

# 1 Mga Tesalonica

1 Si Pablo, at si Silvano, at si Timoteo, sa iglesia ng
mga taga Tesalonica sa Dios Ama at sa Panginoong
Jesucristo: Sumainyo nawa ang biyaya at kapayapaan. 2
Nangagpapasalamat kaming lagi sa Dios dahil sa inyong
lahat, na aming binabanggit kayo sa aming mga panalangin;
3 Na aming inaalaalang walang patid sa harapan ng ating
Dios at Ama, ang inyong gawa sa pananampalataya at
pagpapagal sa pagibig at pagtitiis sa pagasa sa ating
Panginoong Jesucristo; 4 Yamang aming nalalaman, mga
kapatid na minamahal ng Dios, ang pagkahirang sa inyo,
5 Kung paanong ang aming evangelio ay hindi dumating
sa inyo sa salita lamang, kundi sa kapangyarihan din
naman, at sa Espiritu Santo, at sa lubos na katiwasayan;
na gaya ng inyong nalalaman kung anong pagkatao namin
ang aming ipinakita sa inyo dahil sa inyo. 6 At kayo'y
nagsitulad sa amin, at sa Panginoon, nang inyong tanggapin
ang salita sa malaking kapighatian, na may katuwaan sa
Espiritu Santo; 7 Ano pa't kayo'y naging uliran ng lahat ng
nangananampalatayang nangasa Macedonia at nangasa
Acaya. 8 Sapagka't mula sa inyo'y nabansag ang salita ng
Panginoon, hindi lamang sa Macedonia at Acaya, kundi sa
lahat ng mga dako ay natanyag ang inyong pananampalataya
sa Dios; ano pa't kami ay wala nang kailangang magsabi pa
ng anoman. 9 Sapagka't sila rin ang nangagbalita tungkol sa
amin kung paanong nangakapasok kami sa inyo; at kung
paanong nangagbalik kayo sa Dios mula sa mga diosdiosan,
upang mangaglingkod sa Dios na buhay at tunay, 10 At
upang hintayin ang kaniyang Anak na mula sa langit, na
kaniyang ibinangon sa mga patay, si Jesus nga na nagligtas
sa atin mula sa galit na darating.

2 Kaya nga nalalaman ninyo rin, mga kapatid, na ang aming
pagkapasok sa inyo, ay hindi nawalan ng kabuluhan: 2
Kundi palibhasa'y nagsipagbata kami nang una at inalipusta,
gaya ng inyong nalalaman, sa Filipos, ay nangagkaroon
kami ng kalakasan ng loob dahil sa ating Dios upang
salitain sa inyo ang evangelio ng Dios sa gitna ng maraming
kaligaligan. 3 Sapagka't ang aming iniaaral ay hindi sa
kamalian, ni sa karumihan, ni sa pagdaraya. 4 Kundi kung
paanong kami'y minarapat ng Dios upang pagkatiwalaan
kami ng evangelio, ay gayon namin sinasalita; hindi gaya
ng nangagbibigay lugod sa mga tao, kundi sa Dios na
sumusubok ng aming mga puso. 5 Sapagka't hindi kami
nasusumpungang nagsisigamit kailan man ng mga salitang
paimbabaw, gaya ng nalalaman ninyo, ni ng balabal man ng
kasakiman, saksi ang Dios; 6 Ni nagsihanap man sa mga
tao ng kapurihan, ni sa inyo man, ni sa mga iba man, nang
maaaring magsigamit kami ng kapamahalaan gaya ng mga
apostol ni Cristo. 7 Kundi kami ay nangagpapakalumanay sa
gitna ninyo, na gaya ng isang sisiwa pagka inaamoamo ang
kaniyang sariling mga anak: 8 Gayon din kami, palibhasa'y
may magiliw na pagibig sa inyo, ay kinalugdan naming
kayo'y bahaginan, hindi lamang ng evangelio ng Dios, kundi
naman ng aming sariling mga kaluluwa, sapagka't kayo'y
naging lalong mahal sa amin. 9 Sapagka't inaalaala ninyo,
mga kapatid, ang aming pagpapagal at pagdaramdam:
amin ngang ipinangaral ang evangelio ng Dios na kami ay
gumagawa gabi't araw, upang huwag kaming maging isang
pasanin sa kanino man sa inyo. 10 Kayo'y mga saksi, at
ang Dios man, kung gaanong pagkabanal at pagkamatuwid
at pagkawalang kapintasan ang inugali namin sa inyong
nagsisisampalataya: 11 Gaya ng inyong nalalaman kung ano
ang inugali namin sa bawa't isa sa inyo, na gaya ng isang
ama sa kaniyang sariling mga anak, na kayo'y inaaralan,
at pinalalakas ang loob ninyo, at nagpapatotoo, 12 Upang
kayo'y magsilakad ng nararapat sa Dios, na siyang tumawag
sa inyo sa kaniyang sariling kaharian at kaluwalhatian. 13 At
dahil naman dito kami ay nangagpapasalamat na walang
patid sa Dios, na nang inyong tanggapin sa amin ang salita
na ipinangaral, sa makatuwid baga'y ang salita ng Dios,
ay inyong tinanggap na hindi gaya ng salita ng mga tao,
kundi, ayon sa katotohanan, na salita ng Dios, na gumagawa
naman sa inyo na nagsisisampalataya. 14 Sapagka't kayo,
mga kapatid, ay nagsitulad sa mga iglesia ng Dios na nasa
Judea kay Cristo Jesus: sapagka't nagsipagbata naman
kayo sa inyong sariling mga kababayan, gaya naman nila sa
mga Judio; 15 Na nagsipatay sa Panginoong Jesus, at gayon
din sa mga propeta, at kami ay kanilang pinalayas, at di
nangagbibigay lugod sa Dios, at laban sa lahat ng mga tao;
16 Na pinagbabawalan kaming makipagusap sa mga Gentil
upang mangaligtas ang mga ito; upang kanilang paramihing
lagi ang kanilang mga kasalanan: nguni't dumating sa kanila
ang kagalitan, hanggang sa katapusan. 17 Nguni't kami, mga
kapatid, na nangahiwalay sa inyong sangdaling panahon, sa
katawan hindi sa puso, ay nangagsisikap na lubha, upang
makita ang inyong mukha na may dakilang pagnanais: 18
Sapagka't nangagnasa kaming pumariyan sa inyo, akong si
Pablo, na minsan at muli; at hinadlangan kami ni Satanas.
19 Sapagka't ano ang aming pagasa, o katuwaan, o putong,
na ipinagmamapuri? Hindi baga kayo rin sa harapan ng ating
Panginoong Jesucristo sa kaniyang pagparito? 20 Sapagka't
kayo ang aming kaluwalhatian at aming katuwaan.

3 Kaya't nang hindi na kami mangakatiis, ay minagaling
naming maiwang nangagiisa sa Atenas; 2 At aming
sinugo si Timoteo, na aming kapatid at ministro ng Dios
sa evangelio ni Cristo, upang kayo'y kaniyang patibayin

at aliwin, tungkol sa inyong pananampalataya; 3 Upang
ang sinoma'y huwag mabagabag sa pamamagitan ng mga
kapighatiang ito; sapagka't kayo rin ang nangakaaalam
na itinalaga kami sa bagay na ito. 4 Sapagka't sa
katotohanan, nang kami ay kasama ninyo ay aming sinabi
nang una sa inyo na kami ay mangagbabata ng kapighatian;
gaya nga na nangyari, at nalalaman ninyo. 5 Dahil dito
naman, nang hindi ko na matiis pa, ako'y nagsugo upang
matalastas ko ang inyong pananampalataya, baka sa
anomang paraan kayo'y nangatukso ng manunukso, at ang
aming pagpapagal ay mawalan ng kabuluhan. 6 Datapuwa't
nang si Timoteo ay dumating sa amin ngayon na buhat
sa inyo, at nagdala sa amin ng mabubuting balita tungkol
sa inyong pananampalataya at pagibig, at laging kami'y
inaalaalang mabuti ninyo, na ninanasang makita kami na
gaya naman namin sa inyo; 7 Dahil dito'y nangaaliw kami,
mga kapatid, tungkol sa inyo sa pamamagitan ng inyong
pananampalataya sa lahat naming kagipitan at kapighatian:
8 Sapagka't ngayon ay nangabubuhay kami, kung kayo'y
nangamamalaging matibay sa Panginoon. 9 Sapagka't ano
ngang pagpapasalamat ang aming muling maibibigay sa
Dios dahil sa inyo, dahil sa buong kagalakan na aming
ikinagalak dahil sa inyo sa harapan ng aming Dios; 10
Gabi't araw ay idinadalangin naming buong ningas na aming
makita ang inyong mukha, at aming malubos ang inyong
pananampalataya. 11 Ngayo'y patnugutan nawa ng atin ding
Dios at Ama, at ng ating Panginoong Jesus, ang aming
paglalakbay sa inyo: 12 At kayo'y palaguin at pasaganain ng
Panginoon sa pagibig sa isa't isa, at sa lahat ng mga tao,
na gaya naman ng amin sa inyo; 13 Upang patibayin niya
ang inyong mga puso, na walang maipipintas sa kabanalan
sa harapan ng ating Dios at Ama, sa pagparito ng ating
Panginoong Jesus na kasama ang kaniyang lahat na mga
banal.

4 Katapustapusan nga, mga kapatid, kayo'y aming
pinamamanhikan at inaaralan sa Panginoong Jesus, na,
ayon sa tinanggap ninyo sa amin, na kung paanong kayo'y
dapat magsilakad at mangagbigay lugod sa Dios, na gaya
ng inyong paglakad, upang kayo'y magsipanagana ng higit
at higit. 2 Sapagka't talastas ninyo kung anong mga tagubilin
ang ibinigay namin sa inyo sa pamamagitan ng Panginoong
Jesus. 3 Sapagka't ito ang kalooban ng Dios, sa makatuwid
baga'y ang inyong pagpapakabanal, na kayo'y magsiilag
sa pakikiapid; 4 Na ang bawa't isa sa inyo'y makaalam
na maging mapagpigil sa kaniyang sariling katawan sa
pagpapakabanal at kapurihan, 5 Hindi sa pita ng kahalayan,
na gaya ng mga Gentil na hindi nangakakakilala sa Dios; 6
Na sinoma'y huwag lumapastangan at magdaya sa kaniyang
kapatid sa bagay na ito: sapagka't ang Panginoon ay
mapaghiganti sa lahat ng mga bagay na ito, na gaya naman
ng aming ipinatalastas nang una na sa inyo at pinatotohanan.
7 Sapagka't tayo'y tinawag ng Dios hindi sa ikarurumi,
kundi sa pagpapakabanal. 8 Kaya't ang nagtatakuwil, hindi
ang tao ang itinatakuwil, kundi ang Dios, na nagbibigay
sa inyo ng kaniyang Espiritu Santo. 9 Datapuwa't tungkol
sa pagiibigang kapatid ay hindi ninyo kailangan na kayo'y
sulatan ng sinoman: sapagka't kayo rin ay tinuruan ng
Dios na mangagibigan kayo sa isa't isa; 10 Sapagka't
katotohanang ginagawa ninyo ang gayon sa lahat ng kapatid
na nangasa buong Macedonia. Nguni't aming iniaaral sa
inyo, mga kapatid, na kayo'y lalo't lalong magsipanagana.
11 At pagaralan ninyong maging matahimik, at gawin ang
inyong sariling gawain, at kayo'y mangagpagal ng inyong
sariling mga kamay, na gaya ng aming ipinagbilin sa inyo; 12
Upang kayo'y magsilakad ng nararapat sa nangasa labas, at
huwag kayong maging mapagkailangan. 13 Nguni't hindi
namin ibig na kayo'y di makaalam, mga kapatid, tungkol sa
nangatutulog; upang kayo'y huwag mangalumbay, na gaya
ng mga iba, na walang pagasa. 14 Sapagka't kung tayo'y
nagsisisampalatayang si Jesus ay namatay at nabuhay na
maguli, ay gayon din naman ang nangatutulog kay Jesus
ay dadalhin ng Dios na kasama niya. 15 Sapagka't ito'y
sinasabi namin sa inyo sa salita ng Panginoon, na tayong
nangabubuhay, na nangatitira hanggang sa pagparito ng
Panginoon, ay hindi tayo mangauuna sa anomang paraan
sa nangatutulog. 16 Sapagka't ang Panginoon din ang
bababang mula sa langit, na may isang sigaw, may tinig ng
arkanghel, at may pakakak ng Dios: at ang nangamatay
kay Cristo ay unang mangabubuhay na maguli; 17 Kung
magkagayon, tayong nangabubuhay, na nangatitira, ay
aagawing kasama nila sa mga alapaap, upang salubungin
ang Panginoon sa hangin: at sa ganito'y sasa Panginoon
tayo magpakailan man. 18 Kaya't mangagaliwan kayo sa
isa't isa ng mga salitang ito.

5 Datapuwa't tungkol sa mga kapanahunan at mga bahagi
ng panahon, mga kapatid, hindi ninyo kailangan na isulat
ko pa sa inyo ang anoman. 2 Sapagka't kayo rin ang mga
lubos na nangakakaalam, na ang pagdating ng kaarawan
ng Panginoon ay gaya ng magnanakaw sa gabi. 3 Pagka
sinasabi ng mga tao, Kapayapaan at katiwasayan, kung
magkagayo'y darating sa kanila ang biglang pagkawasak,
na gaya ng pagdaramdam, sa panganganak ng babaing
nagdadalang-tao; at sila'y hindi mangakatatanan sa anomang
paraan. 4 Nguni't kayo, mga kapatid, ay wala sa kadiliman,
upang sa araw na yaon ay masubukan kayong gaya ng
magnanakaw: 5 Sapagka't kayong lahat ay pawang mga
anak ng kaliwanagan, at mga anak ng araw: tayo'y hindi ng
gabi, ni ng kadiliman man; 6 Huwag nga tayong mangatulog,

gaya ng mga iba, kundi tayo'y mangagpuyat at mangagpigil.
7 Sapagka't ang nangatutulog ay nangatutulog sa gabi; at
ang nangaglalasing ay nangaglalasing sa gabi. 8 Datapuwa't
palibhasa'y mga anak tayo ng araw, mangagpigil tayo, na
isuot ang baluti ng pananampalataya at ng pagibig; at ang
maging turbante ay ang pagasa ng kaligtasan. 9 Sapagka't
tayo'y hindi itinalaga ng Dios sa galit, kundi sa pagtatamo ng
pagkaligtas sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesucristo,
10 Na namatay dahil sa atin, upang tayo, sa gising o tulog
man, ay mangabuhay tayong kasama niya. 11 Dahil dito
kayo'y mangagpangaralan, at mangagpatibayan sa isa't
isa sa inyo, gaya ng inyong ginagawa. 12 Datapuwa't
ipinamamanhik namin sa inyo, mga kapatid, na inyong
kilalanin ang nangagpapagal sa inyo, at nangamumuno
sa inyo sa Panginoon, at nangagpapaalaala sa inyo; 13
At inyong lubos na pakamahalin sila sa pagibig, dahil sa
kanilang gawa. Magkaroon kayo-kayo ng kapayapaan. 14
At aming ipinamamanhik sa inyo, mga kapatid, na inyong
paalalahanan ang mga manggugulo, palakasin ang mga
mahihinang-loob, alalayan ang mga mahihina, at maging
mapagpahinuhod kayo sa lahat. 15 Tingnan nga ninyo na
huwag gumanti ang sinoman ng masama sa masama; nguni't
sundin ninyong lagi ang mabuti, ang isa'y sa iba, at sa lahat.
16 Mangagalak kayong lagi; 17 Magsipanalangin kayong
walang patid; 18 Sa lahat ng mga bagay ay magpasalamat
kayo; sapagka't ito ang kalooban ng Dios kay Cristo tungkol
sa inyo. 19 Huwag ninyong patayin ang ningas ng Espiritu;
20 Huwag ninyong hamakin ang mga panghuhula; 21
Subukin ninyo ang lahat ng mga bagay, ingatan ninyo ang
mabuti; 22 Layuan ninyo ang bawa't anyo ng masama. 23 At
pakabanalin kayong lubos ng Dios din ng kapayapaan; at
ang inyong espiritu at kaluluwa at katawan ay ingatang buo,
na walang kapintasan sa pagparito ng ating Panginoong
Jesucristo. 24 Tapat yaong sa inyo'y tumatawag, na gagawa
rin naman nito. 25 Mga kapatid, idalangin ninyo kami. 26
Batiin ninyo ang lahat ng mga kapatid ng banal na halik. 27
Idinadaing ko sa inyo alangalang sa Panginoon na basahin
sa lahat ng mga kapatid ang sulat na ito. 28 Ang biyaya ng
ating Panginoong Jesucristo ay sumainyo nawa.

# 2 Mga Tesalonica

1 Si Pablo, at si Silvano, at si Timoteo, sa iglesia ng
mga taga Tesalonica na nasa Dios na ating Ama at sa
Panginoong Jesucristo; 2 Sumainyo nawa ang biyaya at
kapayapaang mula sa Dios Ama at sa Panginoong Jesucristo.
3 Kami ay nararapat, mga kapatid, na mangagpasalamat na
lagi sa Dios dahil sa inyo, gaya ng marapat, dahil sa ang
inyong pananampalataya ay lumalaking lubha, at ang pagibig
ng bawa't isa sa iba't iba sa inyong lahat ay sumasagana;
4 Ano pa't kami sa aming sarili ay nangagkakapuri sa
inyo sa mga iglesia ng Dios dahil sa inyong pagtitiis at
pananampalataya sa lahat ng mga paguusig sa inyo at
sa mga kapighatiang inyong tinitiis; 5 Na isang tandang
hayag ng matuwid na paghukom ng Dios; upang kayo'y
ariing karapatdapat sa kaharian ng Dios, na dahil dito'y
nangagbabata rin naman kayo: 6 Kung isang bagay na
matuwid sa Dios na gantihin ng kapighatian ang mga
pumipighati sa inyo, 7 At kayong mga pinighati ay bigyang
kasama namin ng kapahingahan sa pagpapakahayag ng
Panginoong Jesus mula sa langit na kasama ang mga anghel
ng kaniyang kapangyarihan na nasa nagniningas na apoy, 8
Na maghihiganti sa hindi nagsisikilala sa Dios, at sa kanila
na hindi nagsisitalima sa evangelio ng ating Panginoong
Jesus: 9 Na siyang tatanggap ng kaparusahan, na walang
hanggang kapahamakang mula sa harapan ng Panginoon at
mula sa kaluwalhatian ng kaniyang kapangyarihan. **(aiōnios
g166)** 10 Pagka paririto siya upang luwalhatiin sa kaniyang
mga banal, at upang siya'y maging kahangahanga sa lahat
ng mga nagsisampalataya sa araw na yaon (sapagka't ang
aming patotoo sa inyo ay pinaniwalaan). 11 Dahil din dito
ay lagi naming idinadalangin kayo, upang kayo'y ariing
karapatdapat ng ating Dios sa pagkatawag sa inyo, at
ganaping may kapangyarihan ang bawa't nais sa kabutihan
at gawa ng pananampalataya; 12 Upang ang pangalan ng
ating Panginoong Jesus ay luwalhatiin sa inyo, at kayo'y
sa kaniya, ayon sa biyaya ng ating Dios at ng Panginoong
Jesucristo.

2 Ngayon aming ipinamamanhik sa inyo, mga kapatid,
tungkol sa pagparito ng ating Panginoong Jesucristo, at
sa ating pagkakatipon sa kaniya: 2 Upang huwag kayong
madaling makilos sa inyong pagiisip, at huwag din naman
kayong mabagabag maging sa pamamagitan man ng espiritu,
o sa pamamagitan ng salita, o sa pamamagitan ng sulat
na waring mula sa amin, na wari bagang nalalapit na ang
kaarawan ng Panginoon; 3 Huwag kayong padaya kanino
man sa anomang paraan: sapagka't ito'y hindi darating,
maliban nang dumating mula ang pagtaliwakas, at mahayag
ang taong makasalanan, ang anak ng kapahamakan, 4
Na sumasalangsang at nagmamataas laban sa lahat na
tinatawag na Dios o sinasamba; ano pa't siya'y nauupo sa
templo ng Dios, na siya'y nagtatanyag sa kaniyang sarili
na tulad sa Dios. 5 Hindi baga ninyo naaalaala nang ako'y
kasama ninyo pa, ay sinabi ko sa inyo ang mga bagay na ito?
6 At ngayo'y nalalaman ninyo ang nakapipigil, upang siya'y
mahayag sa kaniyang talagang kapanahunan. 7 Sapagka't
ang hiwaga ng kasamaan ay gumagawa na: lamang ay
may pumipigil ngayon, hanggang sa alisin ito. 8 At kung
magkagayo'y mahahayag ang tampalasan, na papatayin
ng Panginoong Jesus ng hininga ng kaniyang bibig, at sa
pamamagitan ng pagkahayag ng kaniyang pagparito ay
lilipulin; 9 Siya, na ang kaniyang pagparito ay ayon sa
paggawa ni Satanas na may buong kapangyarihan at mga
tanda at mga kahangahangang kasinungalingan, 10 At may
buong daya ng kalikuan sa nangapapahamak; sapagka't
hindi nila tinanggap ang pagibig sa katotohanan, upang
sila'y mangaligtas. 11 At dahil dito'y ipinadadala sa kanila ng
Dios ang paggawa ng kamalian, upang magsipaniwala sila
sa kasinungalingan: 12 Upang mangahatulan silang lahat na
hindi nagsisampalataya sa katotohanan, kundi nangalugod
sa kalikuan. 13 Nguni't kami ay nararapat magpasalamat sa
Dios dahil sa inyo, mga kapatid na minamahal ng Panginoon,
sa pagkakahirang sa inyo ng Dios buhat nang pasimula sa
ikaliligtas sa pagpapakabanal ng Espiritu at pananampalataya
sa katotohanan: 14 Sa kalagayang ito'y tinawag niya kayo
sa pamamagitan ng aming evangelio, upang magkamit ng
kaluwalhatian ng ating Panginoong Jesucristo. 15 Kaya
nga, mga kapatid, kayo'y mangagpakatibay, at inyong
panghawakan ang mga aral na sa inyo'y itinuro, maging sa
pamamagitan ng salita, o ng aming sulat. 16 Ngayon ang
ating Panginoong Jesucristo rin, at ang Dios na ating Ama
na sa amin ay umibig at sa amin ay nagbigay ng walang
hanggang kaaliwan at mabuting pagasa sa pamamagitan ng
biyaya, **(aiōnios g166)** 17 Aliwin nawa ang inyong puso, at
patibayin kayo sa bawa't mabuting gawa at salita.

3 Katapustapusan, mga kapatid, ay inyong idalangin
kami, upang ang salita ng Panginoon ay lumaganap at
luwalhatiin nawa na gaya rin naman sa inyo; 2 At upang kami
ay mangaligtas sa mga taong walang katuwiran at masasama;
sapagka't hindi lahat ay mayroong pananampalataya. 3
Nguni't tapat ang Panginoon na magpapatibay sa inyo, at
sa inyo'y magiingat sa masama. 4 At may pagkakatiwala
kami sa Panginoon tungkol sa inyo, na inyong ginagawa
at gagawin naman ang mga bagay na aming iniuutos.
5 At patnubayan nawa ng Panginoon ang inyong mga
puso sa pagibig ng Dios, at sa pagtitiis ni Cristo. 6 Aming
inuutos nga sa inyo, mga kapatid, sa pangalan ng ating

Panginoong Jesucristo, na kayo'y magsihiwalay sa bawa't
kapatid na lumalakad ng walang kaayusan, at hindi ayon
sa aral na tinanggap nila sa amin. **7** Sapagka't kayo rin
ang nangakakaalam kung paano kami ay inyong dapat
tularan: sapagka't kami ay hindi nangagugali ng walang
kaayusan sa inyo; **8** Ni nagsikain man kami ng walang
bayad ng tinapay ng sinoman; kundi sa pagpapagal at sa
pagdaramdam na gumagawa gabi't araw, upang kami ay
huwag maging pasanin sa kanino man sa inyo: **9** Hindi
dahil sa kami ay walang karapatan, kundi upang kami ay
mangakapagbigay sa inyo ng isang uliran, upang kami ay
inyong tularan. **10** Sapagka't noon pa mang kami ay kasama
ninyo, ay aming iniutos ito sa inyo, Kung ang sinoman ay
ayaw gumawa, ay huwag din namang kumain. **11** Sapagka't
aming nababalitaan ang ilan sa inyo na nagsisilakad ng
walang kaayusan, na hindi man lamang nagsisigawa, kundi
mga mapakialam sa mga bagay ng iba. **12** Sa mga gayon
nga ay aming iniuutos at ipinamamanhik sa Panginoong
Jesucristo, na sila'y magsigawang may katahimikan, at
magsikain ng kanilang sariling tinapay. **13** Nguni't kayo, mga
kapatid, huwag kayong mangapagod sa paggawa ng mabuti.
**14** At kung ang sinoma'y hindi tumalima sa aming salita sa
pamamagitan ng sulat na ito, inyong tandaan ang taong
yaon, upang huwag kayong makisama sa kaniya, nang
siya'y mahiya. **15** At gayon ma'y huwag ninyong ariin siyang
kaaway, kundi inyo siyang paalalahanan tulad sa kapatid. **16**
Ngayon ang Panginoon din ng kapayapaan ay magbigay
nawa sa inyo ng kapayapaan sa buong panahon at sa lahat
ng paraan. Ang Panginoon ay sumainyo nawang lahat. **17**
Ang bati na sinulat ng aking sariling kamay, akong si Pablo,
na siyang tanda sa bawa't sulat: gayon sumusulat ako. **18**
Ang biyaya ng ating Panginoong Jesucristo ay sumainyo
nawang lahat.

# 1 Timoteo

**1** Si Pablo, na apostol ni Cristo Jesus ayon sa utos ng Dios
na ating Tagapagligtas, at ni Cristo Jesus na ating pagasa;
**2** Kay Timoteo na aking tunay na anak sa pananampalataya:
Biyaya, kahabagan, at kapayapaan nawang mula sa Dios na
Ama at kay Jesucristo na Panginoon natin. **3** Kung paanong
ipinamanhik ko sa iyo na ikaw ay matira sa Efeso, nang
pumaparoon ako sa Macedonia, upang maipagbilin mo
sa ilang tao na huwag magsipagturo ng ibang aral, **4** Ni
huwag makinig sa mga katha at sa mga kasaysayan ng
mga lahi na walang katapusan, na pinanggagalingan ng
pagtatalo, at hindi ng pagkakatiwalang mula sa Dios na
nasa pananampalataya; ay gayon din ang ipinamamanhik
ko ngayon. **5** Nguni't ang kinauuwian ng bilin ay ang
pagibig na nagbubuhat sa malinis na puso at sa mabuting
budhi at sa pananampalatayang hindi paimbabaw: **6** Na
pagkasinsay ng iba sa mga bagay na ito ay nagsibaling
sa walang kabuluhang pananalita; **7** Na nagsisipagnasang
maging mga guro ng kautusan, bagaman di nila natatalastas
kahit ang kanilang sinasabi, kahit ang kanilang buong
tiwalang pinatutunayan. **8** Datapuwa't nalalaman natin na
ang kautusan ay mabuti, kung ginagamit ng tao sa matuwid,
**9** Yamang nalalaman ito, na ang kautusan ay hindi ginawa
dahil sa taong matuwid, kundi sa mga walang kautusan at
manggugulo, dahil sa masasama at mga makasalanan, dahil
sa mga di banal at mapaglapastangan, dahil sa nagsisipatay
sa ama at sa nagsisipatay sa ina, dahil sa mga mamamatay-
tao, **10** Dahil sa mga nakikiapid, dahil sa mga mapakiapid sa
kapuwa lalake, dahil sa mga nagnanakaw ng tao, dahil sa
mga bulaan, dahil sa mga mapagsumpa ng kabulaanan, at
kung mayroon pang ibang bagay laban sa mabuting aral; **11**
Ayon sa evangelio ng kaluwalhatian ng mapagpalang Dios,
na ipinagkatiwala sa akin. **12** Nagpapasalamat ako sa kaniya
na nagpapalakas sa akin, kay Cristo Jesus na Panginoon
natin, sapagka't ako'y inari niyang tapat, na ako'y inilagay
sa paglilingkod sa kaniya; **13** Bagaman nang una ako'y
naging mamumusong, at manguusig; at mangaalipusta:
gayon ma'y kinahahabagan ako, sapagka't yao'y ginawa ko
sa di pagkaalam sa kawalan ng pananampalataya; **14**
At totoong sumagana ang biyaya ng ating Panginoon na
nasa pananampalataya at pagibig na pawang kay Cristo
Jesus. **15** Tapat ang pasabi, at nararapat tanggapin ng
lahat, na si Cristo Jesus ay naparito sa sanglibutan upang
iligtas ang mga makasalanan; na ako ang pangulo sa mga
ito; **16** Gayon ma'y dahil dito, kinahahabagan ako, upang
sa akin na pangulong makasalanan, ay maipahayag ni
Jesucristo ang buong pagpapahinuhod niya, na halimbawa
sa mga magsisisampalataya sa kaniya, sa ikabubuhay na
walang hanggan. **(aiōnios g166)** **17** Ngayon sa Haring walang
hanggan, walang kamatayan, di nakikita, sa iisang Dios, ay
ang kapurihan at kaluwalhatian magpakailan kailan man.
Siya nawa. **(aiōn g165)** **18** Ang biling ito ay ipinagtatagubilin
ko sa iyo, Timoteo na aking anak, ayon sa mga hula na
nangauna tungkol sa iyo, upang sa pamamagitan ng mga
ito ay makipagbaka ka ng mabuting pakikipagbaka; **19** Na
ingatan mo ang pananampalataya at ang mabuting budhi; na
nang ito'y itakuwil ng iba sa kanila ay nangabagbag tungkol
sa pananampalataya: **20** Na sa mga ito'y si Himeneo at si
Alejandro; na sila'y aking ibinigay kay Satanas, upang sila'y
maturuang huwag mamusong.

**2** Una-una nga sa lahat ng mga bagay, ay iniaaral ko
na manaing, manalangin, mamagitan, at magpasalamat
na patungkol sa lahat ng mga tao; **2** Ang mga hari at
ang lahat ng nangasa mataas na kalagayan; upang tayo'y
mangabuhay na tahimik at payapa sa buong kabanalan at
kahusayan. **3** Ito'y mabuti at nakalulugod sa paningin ng Dios
na ating Tagapagligtas; **4** Na siyang may ibig na ang lahat
ng mga tao'y mangaligtas, at mangakaalam ng katotohanan.
**5** Sapagka't may isang Dios at may isang Tagapamagitan
sa Dios at sa mga tao, ang taong si Cristo Jesus, **6** Na
ibinigay ang kaniyang sarili na pangtubos sa lahat; na
pagpapatotoong mahahayag sa sariling kapanahunan; **7** Na
dito'y itinalaga ako na tagapangaral at apostol (sinasabi ko
ang katotohanan, hindi ako nagsisinungaling), guro sa mga
Gentil sa pananampalataya at katotohanan. **8** Ibig ko ngang
ang mga tao'y magsipanalangin sa bawa't dako, na iunat
ang mga kamay na banal, na walang galit at pakikipagtalo.
**9** Gayon din naman, na ang mga babae ay magsigayak
ng mahinhing damit na may katimtiman at hinahon; hindi
ng mahalagang hiyas ng buhok, at ginto o perlas o damit
na mahalaga; **10** Kundi (siyang nararapat sa mga babae
na magpakabanal) sa pamamagitan ng mabubuting gawa.
**11** Ang babae'y magaral na tumahimik na may buong
pagkapasakop. **12** Nguni't hindi ko ipinahihintulot na ang
babae ay magturo, ni magkaroon ng pamumuno sa lalake,
kundi tumahimik. **13** Sapagka't si Adam ay siyang unang
nilalang, saka si Eva; **14** At si Adam ay hindi nadaya, kundi
ang babae nang madaya ay nahulog sa pagsalangsang; **15**
Nguni't ililigtas siya sa pamamagitan ng panganganak, kung
sila'y magsisipamalagi sa pananampalataya at pagibig at sa
pagpapakabanal na may hinahon.

**3** Tapat ang pasabi, Kung ang sinoman ay magsisikap
na maging obispo, ay mabuting gawa ang ninanasa.
**2** Dapat nga na ang obispo ay walang kapintasan,
asawa ng isa lamang babae, mapagpigil, mahinahon ang
pagiisip, mahusay, mapagpatuloy, sapat na makapagturo;

3 Hindi magulo, hindi palaaway, kundi malumanay, hindi
mapakipagtalo, hindi maibigin sa salapi; 4 Namamahalang
mabuti ng kaniyang sariling sangbahayan, na sinusupil ang
kaniyang mga anak na may buong kahusayan; 5 (Nguni't
kung ang sinoman nga ay hindi marunong mamahala sa
kaniyang sariling sangbahayan paanong makapamamahala
sa iglesia ng Dios?) 6 Hindi baguhan, baka siya kung
magpalalo ay mahulog sa kaparusahan ng diablo. 7 Bukod
dito'y dapat din namang siya'y magkaroon ng mabuting
patotoo ng nangasa labas, baka mahulog sa kapintasan at
silo ng diablo. 8 Gayon din naman ang mga diakono dapat ay
mahuhusay, hindi dalawang dila, hindi mahilig sa maraming
alak, hindi mga sakim sa mahahalay na kapakinabangan; 9
Na iniingatan ang hiwaga ng pananampalataya ng malinis na
budhi. 10 At ang mga ito rin naman ay subukin muna; kung
magkagayo'y mamahalang may pagka diakono, kung walang
kapintasan. 11 Gayon din naman ang mga babae dapat ay
mahuhusay, hindi palabintangin, mapagpigil, tapat sa lahat
ng mga bagay. 12 Maging asawa ang mga diakono ng tigiisa
lamang na babae, na pamahalaang mabuti ang kanilang
mga anak at ang kanilang sariling mga sangbahayan. 13
Sapagka't ang nangamamahalang mabuti sa pagka diakono,
ay nangagtatamo sa kanilang sarili ng isang mabuting
kalagayan, at malaking katapangan sa pananampalataya
na kay Cristo Jesus. 14 Ang mga bagay na ito ay aking
isinusulat sa iyo, na inaasahang makararating sa iyong
madali; 15 Nguni't kung ako'y magluwat ng mahabang
panahon, ay upang maalaman mo kung paano ang dapat sa
mga tao na ugaliin nila sa bahay ng Dios, na siyang iglesia
ng Dios na buhay, at haligi at suhay ng katotohanan. 16 At
walang pagtatalo, dakila ang hiwaga ng kabanalan; Yaong
nahayag sa laman, Pinapaging-banal sa espiritu, Nakita ng
mga anghel, Ipinangaral sa mga bansa, Sinampalatayanan
sa sanglibutan, Tinanggap sa itaas sa kaluwalhatian.

4 Nguni't hayag na sinasabi ng Espiritu, na sa mga huling
panahon ang iba'y magsisitalikod sa pananampalataya, at
mangakikinig sa mga espiritung mapanghikayat at sa mga aral
ng mga demonio, 2 Sa pamamagitan ng pagpapaimbabaw
ng mga tao na nagsisipagsalita ng mga kasinungalingan,
na hinerohan ang kanilang mga sariling budhi ng waring
bakal na nagbabaga; 3 Na ipinagbabawal ang pagaasawa,
at ipinaguutos na lumayo sa mga lamangkati, na nilalang
ng Dios upang tanggapin na may pagpapasalamat ng mga
nagsisisampalataya at nangakakaalam ng katotohanan.
4 Sapagka't ang bawa't nilalang ng Dios ay mabuti, at
walang anomang nararapat na itakuwil, kung tinatanggap
na may pagpapasalamat: 5 Sapagka't pinakababanal sa
pamamagitan ng salita ng Dios at ng pananalangin. 6 Kung
ipaalaala mo sa mga kapatid ang mga bagay na ito, ikaw ay
magiging isang mabuting ministro ni Cristo Jesus, na kinandili
sa mga salita ng pananampalataya at ng mabuting aral na
sinusunod mo hanggang ngayon: 7 Datapuwa't itakuwil
mo ang mga kathang masasama at walang kabuluhan. At
magsanay ka sa kabanalan: 8 Sapagka't sa pagsasanay
ng katawan ay may kaunting pakinabang, nguni't ang
kabanalang sa lahat ng mga bagay ay pinakikinabangan,
na may pangako sa buhay na ito, at sa darating. 9 Tapat
ang pasabi, at nararapat tanggapin ng lahat. 10 Sapagka't
dahil dito ay nagsisipagpagal kami at nagsisipagsikap,
sapagka't may pagasa kami sa Dios na buhay, na siyang
Tagapagligtas sa lahat ng mga tao, lalong lalo na sa mga
nagsisisampalataya. 11 Ang mga bagay na ito'y iyong iutos
at ituro. 12 Huwag hamakin ng sinoman ang iyong kabataan;
kundi ikaw ay maging uliran ng mga nagsisisampalataya, sa
pananalita, sa pamumuhay, sa pagibig, sa pananampalataya,
sa kalinisan. 13 Hanggang ako'y pumariyan ay magsikap ka
sa pagbasa, sa pangangaral, sa pagtuturo. 14 Huwag mong
pabayaan ang kaloob na nasa iyo, na sa iyo'y ibinigay sa
pamamagitan ng hula, na may pagpapatong ng mga kamay
ng kapulungan ng mga presbitero. 15 Magsipag ka sa mga
bagay na ito; tumalaga kang lubos sa mga ito; upang ang
iyong pagkasulong ay mahayag sa lahat. 16 Magingat ka sa
iyong sarili, at sa iyong turo. Manatili ka sa mga bagay na
ito; sapagka't sa paggawa nito ay ang iyo ring sarili ang
ililigtas mo at pati ng mga nagsisipakinig sa iyo.

5 Huwag mong pagwikaan ang matanda, kundi pangaralan
mo siyang tulad sa ama; ang mga kabataang lalake na
tulad sa mga kapatid: 2 Ang mga babaing matatanda na
tulad sa mga ina; at ang mga kabataang babae na tulad
sa mga kapatid na babae sa buong kalinisan. 3 Papurihan
mo ang mga babaing bao na tunay na bao. 4 Nguni't kung
ang sinomang babaing bao ay may mga anak o mga apo,
magsipagaral ang mga ito muna ng pamamahalang may
kabanalan sa kanilang sariling sangbahayan, at magsiganti
sa kanilang mga magulang: sapagka't ito'y nakalulugod sa
paningin ng Dios. 5 Kaya't ang tunay na babaing bao at
walang nagaampon, ay may pagasa sa Dios, at nananatili sa
mga pagdaing at mga panalangin gabi't araw. 6 Datapuwa't
ang nangagpapakabuyo sa mga kalayawan, bagama't buhay
ay patay. 7 Ang mga bagay na ito'y iutos mo rin naman,
upang sila'y mawalan ng kapintasan. 8 Datapuwa't kung ang
sinoman ay hindi nagkakandili sa mga sariling kaniya, lalong
lalo na sa kaniyang sariling sangbahayan, ay tumanggi
siya sa pananampalataya at lalong masama kay sa hindi
sumasampalataya. 9 Huwag itala na gaya ng babaing bao
samantalang walang anim na pung taon, na naging asawa
ng isang lalake, 10 Na may mabuting patotoo tungkol sa
mabubuting gawa; kung siya'y nagalaga sa mga anak, kung

siya'y nagpatuloy sa mga taga ibang bayan, kung siya'y
naghugas ng mga paa ng mga banal, kung siya'y umabuloy
sa mga napipighati, kung ginanap niya na may kasipagan
ang bawa't mabuting gawa. **11** Nguni't tanggihan mo ang
mga batang babaing bao: sapagka't pagkakaroon nila ng
masamang pita na hiwalay kay Cristo, ay nagsisipagnasang
magasawa; **12** Na nagkakaroon ng kahatulan, sapagka't
itinakuwil nila ang unang pananampalataya. **13** At bukod
dito ay nangagaaral din naman na maging mga tamad, na
nagpapalipatlipat sa bahay-bahay; at hindi lamang mga
tamad, kundi matatabil din naman at mga mapakialam,
na nagsisipagsalita ng mga bagay na di nararapat. **14**
Ibig ko ngang magsipagasawa ang mga batang babaing
bao, magsipanganak, magsipamahala ng sangbahayan,
huwag magbigay sa kaaway ng anomang pagkadahilanan
ng ikalilibak: **15** Sapagka't ang mga iba'y nagsibaling na
sa hulihan ni Satanas. **16** Kung ang sinomang babaing
nanampalataya ay may inaampong mga babaing bao,
ay umabuloy sa kanila, at huwag pabigatan ang iglesia,
upang maabuluyan nito ang mga tunay na bao. **17** Ang
mga matanda na nagsisipamahalang mabuti ay ariing may
karapatan sa ibayong kapurihan, lalong lalo na ang mga
nangagpapagal sa salita at sa pagtuturo. **18** Sapagka't
sinasabi ng kasulatan, Huwag mong lalagyan ng busal ang
baka pagka gumigiik. At, ang nagpapagal ay karapatdapat
sa kaupahan sa kaniya. **19** Laban sa matanda ay huwag
kang tatanggap ng sumbong, maliban sa dalawa o tatlong
saksi. **20** Sila na mga nagkakasala ay paalalahanan mo sa
harapan ng lahat upang ang iba nama'y mangatakot. **21**
Pinagbibilinan kita sa paningin ng Dios, at ni Cristo Jesus,
at ng mga anghel na hinirang, na iyong ganapin ang mga
bagay na ito na walang pagtatangi na huwag mong gagawin
ang anomang pagayo. **22** Huwag mong ipatong na madalian
ang iyong mga kamay sa kanino man, ni huwag kang
makaramay sa mga kasalanan ng iba: ingatan mong malinis
ang iyong sarili. **23** Huwag kang iinom pa ng tubig lamang,
kundi gumamit ka ng kaunting alak dahil sa iyong sikmura at
sa iyong madalas na pagkakasakit. **24** Ang mga kasalanan
ng ilang tao ay hayag na, na nagsisipanguna sa paghukom:
at ang ilang mga tao naman ay kanilang sinusundan. **25**
Gayon din naman ang mabubuting gawa ay hayag: at ang
mga di gayo'y hindi maaaring ilihim.

**6** Ang lahat ng mga alipin na nangasa ilalim ng pamatok
ay ariin ang kanilang mga panginoon na karapatdapat sa
buong kapurihan, upang ang pangalan ng Dios at ang aral
ay huwag malapastangan. **2** At ang mga may panginoong
nagsisisampalataya, ay huwag mayamot sa kanila, sapagka't
sila'y pawang magkakapatid; kundi bagkus paglingkuran
nila silang mabuti, sapagka't nagsisipanampalataya at mga
minamahal ang mga nagsisitanggap ng kapakinabangan.
Iyong ituro at iaral ang mga bagay na ito. **3** Kung ang
sinoma'y nagtuturo ng ibang aral, at hindi sumasangayon sa
mga salitang nakagagaling, sa makatuwid ay sa mga salita ng
ating Panginoong Jesucristo, at sa aral na ayon sa kabanalan;
**4** Ang gayon ay palalo, walang nalalamang anoman, kundi
may-sakit sa mga usapan at mga pagtatalo, sa mga salitang
pinagbubuhatan ng kapanaghilian, mga pagkakaalit, mga
pagalipusta, mga masasamang akala. **5** Pagtataltalan ng mga
taong masasama ang pagiisip at salat sa katotohanan, na
nagsisipagakala na ang kabanalan ay paraan ng pakinabang.
**6** Datapuwa't ang kabanalan na may kasiyahan ay malaking
kapakinabangan: **7** Sapagka't wala tayong dinalang anoman
sa sanglibutan, at wala rin naman tayong mailalabas na
anoman; **8** Nguni't kung tayo'y may pagkain at pananamit
ay masisiyahan na tayo doon. **9** Datapuwa't ang mga
nagsisipagnasang yumaman, ay nangahuhulog sa tukso at
sa silo at sa maraming mga pitang hangal at nakasasama,
na siyang naglulubog sa mga tao sa kapahamakan at
kamatayan. **10** Sapagka't ang pagibig sa salapi ay ugat
ng lahat ng uri ng kasamaan; na sa pagnanasa ng iba ay
nangasinsay sa pananampalataya, at tinuhog ang kanilang
sarili ng maraming mga kalumbayan. **11** Datapuwa't ikaw, Oh
tao, ng Dios, tumakas ka sa mga bagay na ito, at sumunod
ka sa katuwiran, sa kabanalan, sa pananampalataya, sa
pagibig, sa pagtitiis, sa kaamuan. **12** Makipagbaka ka ng
mabuting pakikipagbaka ng pananampalataya, manangan
ka sa buhay na walang hanggan, na dito'y tinawag ka, at
ipinahayag mo ang mabuting pagpapahayag sa harapan
ng maraming mga saksi. **(aiōnios g166)** **13** Ipinagbibilin ko sa
iyo sa paningin ng Dios na bumubuhay sa lahat ng mga
bagay, at ni Cristo Jesus, na sa harapan ni Poncio Pilato
ay sumaksi ng mabuting pagpapahayag; **14** Na tuparin mo
ang utos, na walang dungis, walang kapintasan hanggang
sa pagpapakita ng ating Panginoong Jesucristo: **15** Na sa
kaniyang kapanahunan ay ipahahayag siya, na mapalad at
tanging Makapangyarihan Hari ng mga hari, at Panginoon ng
mga panginoon; **16** Na siya lamang ang walang kamatayan,
na nananahan sa liwanag na di malapitan; na di nakita
ng sinomang tao, o makikita man: sumakaniya nawa ang
kapurihan at paghaharing walang hanggan. Siya nawa.
**(aiōnios g166)** **17** Ang mayayaman sa sanglibutang ito, ay
pagbilinan mo na huwag magsipagmataas ng pagiisip, at
huwag umasa sa mga kayamanang di nananatili, kundi sa
Dios na siyang nagbibigay sa ating sagana ng lahat ng
mga bagay upang ating ikagalak; **(aiōn g165)** **18** Na sila'y
magsigawa ng mabuti, na sila'y magsiyaman sa mabuting
gawa, na sila'y maging handa sa pamimigay, maibigin sa
pamamahagi; **19** Na mangagtipon sa kanilang sarili ng

isang mabuting kinasasaligan para sa panahong darating,
upang sila'y makapanangan sa buhay na tunay na buhay.
**20** Oh Timoteo, ingatan mo ang ipinagkatiwala sa iyo, na
ilagan mo ang mga usapan na walang kabuluhan at ang
mga pagsalungat ng maling tawag na kaalaman; **21** Na
palibhasa'y pinaniwalaan ng ilan ay nangasinsay tungkol sa
pananampalataya. Ang biyaya ay sumainyo nawa.

# 2 Timoteo

**1** Si Pablo, na apostol ni Cristo Jesus sa pamamagitan ng
kalooban ng Dios, ayon sa pangako ng buhay na nasa kay
Cristo Jesus, **2** Kay Timoteo na aking minamahal na anak:
Biyaya, kaawaan, kapayapaan nawang mula sa Dios Ama at
kay Cristo Jesus na Panginoon natin. **3** Nagpapasalamat
ako sa Dios, na mula sa aking kanunununuan ay aking
pinaglilingkuran sa budhing malinis, na walang patid na
inaalaala kita sa aking mga daing, gabi't araw; **4** Na
kinasasabikan kong makita kita, na inaalaala ang iyong
mga pagluha, upang ako'y mapuspos ng kagalakan; **5** Na
inaalaala ko ang pananampalatayang hindi pakunwari na
nasa iyo; na namalagi muna kay Loida na iyong lelang,
at kay Eunice na iyong ina; at, ako'y naniniwalang lubos,
na nasa iyo rin naman. **6** Dahil dito ay ipinaaalaala ko sa
iyo na paningasin mo ang kaloob ng Dios, na nasa iyo
sa pamamagitan ng pagpapatong ng aking mga kamay.
**7** Sapagka't hindi tayo binigyan ng Dios ng espiritu ng
katakutan; kundi ng kapangyarihan at ng pagibig at ng
kahusayan. **8** Huwag mo ngang ikahiya ang pagpapatotoo
sa ating Panginoon, ni ako na bilanggo niya: kundi magtiis ka
ng mga kahirapan dahil sa evangelio ayon sa kapangyarihan
ng Dios; **9** Na siyang sa atin ay nagligtas, at sa atin
ay tumawag ng isang banal na pagtawag, hindi ayon sa
ating mga gawa, kundi ayon sa kaniyang sariling akala at
biyaya, na ibinigay sa atin kay Cristo Jesus buhat pa ng
mga panahong walang hanggan. **(aiōnios g166)** **10** Nguni't
ngayon ay nahayag sa pamamagitan ng pagpapakita ng
ating Tagapagligtas na si Cristo Jesus, na siyang nagalis
ng kamatayan, at nagdala sa liwanag ng buhay at ng
walang pagkasira sa pamamagitan ng evangelio, **11** Na
sa bagay na ito ay ako'y itinalaga na tagapangaral, at
apostol at guro. **12** Dahil dito'y nagtiis din ako ng mga
bagay na ito: gayon ma'y hindi ako nahihiya; sapagka't
nakikilala ko yaong aking sinampalatayanan, at lubos akong
naniniwalang siya'y makapagiingat ng aking ipinagkatiwala
sa kaniya hanggang sa araw na yaon. **13** Ingatan mo ang
mga ulirang mga salitang magagaling na narinig mo sa akin,
sa pananampalataya at pagibig na nasa kay Cristo Jesus. **14**
Yaong mabuting bagay na ipinagkatiwala sa iyo ay ingatan
mo sa pamamagitan ng Espiritu Santo na nananahan sa
atin. **15** Ito'y nalalaman mo, na nagsihiwalay sa akin ang
lahat ng nangasa Asia; na sa mga yaon ay si Figello at si
Hermogenes. **16** Pagkalooban nawa ng Panginoon ng habag
ang sangbahayan ni Onesiforo: sapagka't madalas niya
akong pinaginhawa, at hindi ikinahiya ang aking tanikala; **17**
Kundi, nang siya'y nasa Roma, ay hinanap niya ako ng buong
sikap, at ako'y nasumpungan niya. **18** (Pagkalooban nawa
siya ng Panginoon na masumpungan niya ang kahabagan
ng Panginoon sa araw na yaon); at totoong alam mo kung
gaano karaming mga bagay ang ipinaglingkod niya sa
Efeso.

**2** Ikaw nga, anak ko, magpakalakas ka sa biyayang nasa
kay Cristo Jesus. **2** At ang mga bagay na iyong narinig sa
akin sa gitna ng maraming saksi, ay siya mo ring ipagkatiwala
sa mga taong tapat, na makapagtuturo naman sa mga
iba. **3** Makipagtiis ka sa akin ng mga kahirapan, na gaya
ng mabuting kawal ni Cristo Jesus. **4** Sinomang kawal na
nasa pagkakawal ay hindi nahalubilo sa mga bagay ng
buhay na ito; upang siya'y kalugdan niyaong nagtala sa
pagkakawal. **5** At kung ang sinoman ay makikipaglaban
naman sa mga laro, ay hindi pinuputungan maliban na kung
makipaglabang matuwid. **6** Ang magsasaka na nagpapagal
ay siyang kailangang unang makabahagi sa mga bunga.
**7** Isipin mo ang sinasabi ko; sapagka't bibigyan ka ng
Panginoon ng pagkaunawa sa lahat ng mga bagay. **8**
Alalahanin mo si Jesucristo na muling nabuhay sa mga
patay, sa binhi ni David, ayon sa aking evangelio: **9** Na
siyang pinagtitiisan ko ng kahirapan sa mga tanikala, na
tulad sa tampalasan; nguni't ang salita ng Dios ay hindi
natatanikalaan. **10** Kaya aking tinitiis ang lahat ng mga
bagay dahil sa mga hinirang, upang kamtan naman nila ang
pagkaligtas na nasa kay Cristo Jesus na may kaluwalhatiang
walang hanggan. **(aiōnios g166)** **11** Tapat ang pasabi: Sapagka't
kung tayo'y nangamatay na kalakip niya, ay mangabubuhay
naman tayong kasama niya: **12** Kung tayo'y mangagtiis,
ay mangaghahari naman tayong kasama niya: kung ating
ikaila siya, ay ikakaila naman niya tayo: **13** Kung tayo'y
hindi mga tapat, siya'y nananatiling tapat; sapagka't hindi
makapagkakaila sa kaniyang sarili. **14** Ipaalaala mo sa kanila
ang mga bagay na ito, na sila'y pagbilinan sa paningin ng
Panginoon, na sila'y huwag makipagtalo tungkol sa mga
salitaan na hindi mapapakinabangan, sa ikapapahamak ng
mga nakikinig. **15** Pagsikapan mong humarap na subok
sa Dios, manggagawang walang anomang ikahihiya, na
gumagamit na matuwid ng salita ng katotohanan. **16**
Datapuwa't ilagan mo ang mga usapang walang kabuluhan:
sapagka't sila'y lalong magpapatuloy sa kasamaan, **17** At ang
kanilang salita ay kakalat na gaya ng ganggrena: na sa mga
ito ay si Himeneo at si Fileto; **18** Na mga taong tungkol sa
katotohanan ay nangasinsay, na sinasabing ang pagkabuhay
na maguli ay nakaraan na, at ginugulo ang pananampalataya
ng iba. **19** Gayon ma'y ang matibay na pinagsasaligan ng
Dios ay nananatili na may tatak nito, Nakikilala ng Panginoon
ang mga kaniya: at, Lumayo sa kalikuan ang bawa't isa na
sumasambitla ng pangalan ng Panginoon. **20** Datapuwa't sa
isang malaking bahay ay hindi lamang may mga sisidlang

ginto at pilak, kundi mayroon din namang kahoy at lupa; at
ang iba'y sa ikapupuri, at ang iba'y sa ikasisirang-puri. 21
Kung ang sinoman nga ay malinis sa alin man sa mga ito, ay
magiging sisidlang ikapupuri, pinakabanal, marapat gamitin
ng mayari, nahahanda sa lahat ng gawang mabuti. 22
Datapuwa't layuan mo ang masasamang pita ng kabinataan,
at sundin mo ang kabanalan, ang pananampalataya, ang
pagibig, ang kapayapaan, kasama ng mga nagsisitawag sa
Panginoon mula sa pusong malinis. 23 Nguni't tanggihan mo
ang mga usapang walang kabuluhan at hangal, yamang
nalalaman mo na namumunga ng mga pagtatalo. 24 At ang
alipin ng Panginoon ay hindi nararapat na makipagtalo,
kundi maamo sa lahat, sapat na makapagturo, matiisin, 25
Na sawaying may kaamuan ang mga nagsisisalangsang;
baka sakaling sila'y pagkalooban ng Dios ng pagsisisi sa
ikaaalam ng katotohanan, 26 At sila'y makawala sa silo ng
diablo, na bumihag sa kanila ayon sa kaniyang kalooban.

**3** Datapuwa't alamin mo ito, na sa mga huling araw ay
darating ang mga panahong mapanganib. 2 Sapagka't
ang mga tao'y magiging maibigin sa kanilang sarili, maibigin
sa salapi, mayayabang, mga mapagmalaki, mapagtungayaw,
masuwayin sa mga magulang, mga walang turing, mga
walang kabanalan, 3 Walang katutubong pagibig, mga walang
paglulubag, mga palabintangin, mga walang pagpipigil sa
sarili, mga mabangis, hindi mga maibigin sa mabuti, 4 Mga
lilo, mga matitigas ang ulo, mga palalo, mga maibigin sa
kalayawan kay sa mga maibigin sa Dios; 5 Na may anyo ng
kabanalan, datapuwa't tinanggihan ang kapangyarihan nito:
lumayo ka rin naman sa mga ito. 6 Sapagka't sa mga ito ang
nanganggagapang sa mga bahay, at binibihag ang babaing
haling na lipos ng mga kasalanan, hinihila ng mga iba't
ibang pita, 7 Na laging nagsisipagaral, at kailan pa man ay
hindi nakararating sa pagkaalam ng katotohanan. 8 At kung
paanong si Janes at si Jambres ay nagsilaban kay Moises, ay
gayon din naman ang mga ito'y nagsisilaban sa katotohanan;
mga taong masasama ang pagiisip, mga itinakuwil tungkol sa
pananampalataya. 9 Nguni't sila'y hindi mangagpapatuloy:
sapagka't mangahahayag sa lahat ng mga tao ang kanilang
kamangmangan, gaya naman ng pagkahayag ng sa mga
yaon. 10 Nguni't sinunod mo ang aking aral, ugali, akala,
pananampalataya, pagpapahinuhod, pagibig, pagtitiis, 11
Mga paguusig, mga pagbabata; anomang mga bagay ang
nangyari sa akin sa Antioquia, sa Iconio, sa Listra; anomang
mga paguusig ang tiniis ko: at sa lahat ay iniligtas ako
ng Panginoon. 12 Oo, at lahat na ibig mabuhay na may
kabanalan kay Cristo Jesus ay mangagbabata ng paguusig.
13 Datapuwa't ang masasamang tao at mga magdaraya ay
lalong sasama ng sasama, na mangagdadaya, at sila rin
ang mangadadaya. 14 Datapuwa't manatili ka sa mga bagay
na iyong pinagaralan at sa pinagkaroonan mo ng katunayan,
yamang nalalaman mo kung kanino mo nangatutuhan; 15 At
mula sa pagkasanggol ay iyong nalalaman ang mga banal
na kasulatan na makapagpadunong sa iyo sa ikaliligtas
sa pamamagitan ng pananampalataya kay Cristo Jesus.
16 Ang lahat ng mga kasulatan na kinasihan ng Dios ay
mapapakinabangan din naman sa pagtuturo, sa pagsansala,
sa pagsaway, sa ikatututo na nasa katuwiran: 17 Upang ang
tao ng Dios ay maging sakdal, tinuruang lubos sa lahat ng
mga gawang mabuti.

**4** Ipinagbibilin ko sa iyo sa paningin ng Dios, at ni Cristo
Jesus, na siyang huhukom sa mga buhay at sa mga
patay, sa pamamagitan ng kaniyang pagpapakita at sa
kaniyang kaharian: 2 Ipangaral mo ang salita; magsikap
ka sa kapanahunan, at sa di kapanahunan, sumawata ka,
sumaway ka, mangaral ka na may buong pagpapahinuhod
at pagtuturo. 3 Sapagka't darating ang panahon na hindi nila
titiisin ang magaling na aral; kundi, pagkakaroon nila ng kati
ng tainga, ay magsisipagbunton sila sa kanilang sarili ng
mga gurong ayon sa kanilang sariling mga masasamang
pita; 4 At ihihiwalay sa katotohanan ang kanilang mga tainga,
at mga ibabaling sa katha. 5 Nguni't ikaw ay magpigil sa
lahat ng mga bagay, magtiis ka ng mga kahirapan, gawin mo
ang gawa ng evangelista, ganapin mo ang iyong ministerio.
6 Sapagka't ako'y iniaalay na, at ang panahon ng aking
pagpanaw ay dumating na. 7 Nakipagbaka ako ng mabuting
pakikipagbaka, natapos ko na ang aking takbo, iningatan ko
ang pananampalataya: 8 Buhat ngayon ay natataan sa akin
ang putong na katuwiran, na ibibigay sa akin ng Panginoon
na tapat na hukom sa araw na yaon; at hindi lamang sa akin,
kundi sa lahat din naman ng mga naghahangad sa kaniyang
pagpapakita. 9 Magsikap kang pumarini na madali sa akin:
10 Sapagka't ako'y pinabayaan ni Demas, palibhasa'y iniibig
niya ang sanglibutang ito, at napasa Tesalonica; si Crescente
ay napasa Galacia, at si Tito ay sa Dalmacia. (aiōn g165) 11 Si
Lucas lamang ang kasama ko. Kaunin mo si Marcos, at
ipagsama mo; sapagka't siya'y napapakinabangan ko sa
ministerio. 12 Datapuwa't si Tiquico ay sinugo ko sa Efeso.
13 Ang balabal na aking iniwan sa Troas kay Carpo ay iyong
dalhin pagparini mo, at ang mga aklat, lalong lalo na ang mga
pergamino. 14 Si Alejandro na panday-tanso ay ginawan
ako ng lubhang masama: gagantihan siya ng Panginoon
ayon sa kaniyang mga gawa: 15 Magingat ka rin naman sa
kaniya; sapagka't totoong kaniyang sinalangsang ang aming
mga salita. 16 Sa aking unang pagsasanggalang sinoman
ay walang kumampi sa akin, bagkus pinabayaan ako ng
lahat: huwag nawang ibilang sa kanila ito. 17 Datapuwa't
ang Panginoon ay sumaakin, at ako'y pinalakas; upang
sa pamamagitan ko ang mabuting balita ay maitanyag ng

ganap, at upang mapakinggan ng lahat ng mga Gentil: at
ako'y iniligtas sa bibig ng leon. 18 Ako'y ililigtas ng Panginoon
sa bawa't gawa ng masama, at ako'y kaniyang iingatan
sa kaniyang kaharian sa langit: na sumakaniya nawa ang
kaluwalhatian magpakailan man. Siya nawa. **(aiōn g165)** 19
Batiin mo si Prisca at si Aquila, at ang sangbahayan ni
Onesiforo. 20 Si Erasto ay natira sa Corinto; datapuwa't si
Trofimo ay iniwan kong may-sakit sa Mileto. 21 Magsikap
kang pumarini bago magtaginaw. Binabati ka ni Eubulo, at
ni Pudente, at ni Lino, at ni Claudia, at ng lahat ng mga
kapatid. 22 Ang Panginoon nawa'y sumainyong espiritu. Ang
biyaya nawa'y sumainyo.

# Tito

**1** Si Pablo, na alipin ng Dios, at apostol ni Jesucristo,
ayon sa pananampalataya ng mga hinirang ng Dios, at
sa pagkaalam ng katotohanan na ayon sa kabanalan, **2**
Sa pagasa sa buhay na walang hanggan, na ipinangako
ng Dios na di makapagsisinungaling buhat pa ng mga
panahong walang hanggan; **(aiōnios g166)** **3** Nguni't sa
kaniyang mga panahon ay ipinahayag ang kaniyang salita
sa pangangaral, na sa akin ay ipinagkatiwala ayon sa
utos ng Dios na ating Tagapagligtas; **4** Kay Tito na aking
tunay na anak ayon sa pananampalataya ng lahat: Biyaya
at kapayapaan nawang mula sa Dios Ama at kay Cristo
Jesus na Tagapagligtas natin. **5** Dahil dito'y iniwan kita sa
Creta, upang husayin mo ang mga bagay na nagkukulang,
at maghalal ng mga matanda sa bawa't bayan, na gaya
ng ipinagbilin ko sa iyo; **6** Kung ang sinoman ay walang
kapintasan, asawa ng isang babae lamang, na may mga
anak na nagsisisampalataya, na hindi maisusumbong sa
pangliligalig o suwail. **7** Sapagka't dapat na ang obispo
ay walang kapintasan, palibhasa siya'y katiwala ng Dios;
hindi mapagsariling kalooban, hindi magagalitin, hindi
manggugulo, hindi palaaway, hindi masakim sa mahalay na
kapakinabangan; **8** Kundi mapagpatuloy, maibigin sa mabuti,
mahinahon ang pagiisip, matuwid, banal, mapagpigil; **9** Na
nananangan sa tapat na salita na ayon sa turo, upang umaral
ng magaling na aral, at papaniwalain ang nagsisisalangsang.
**10** Sapagka't may maraming mga suwail, na mapagsalita
ng walang kabuluhan at mga magdaraya, lalong lalo na
yaong mga sa pagtutuli, **11** Na ang kanilang mga bibig ay
nararapat matikom; mga taong nagsisipanggulo sa buong
mga sangbahayan, na nangagtuturo ng mga bagay na di
nararapat, dahil sa mahalay na kapakinabangan. **12** Sinabi
ng isa sa kanila rin, ng isang propetang sarili nila, Ang mga
taga Creta kailan pa man ay mga sinungaling, masasamang
hayop, matatakaw na mga tamad. **13** Ang patotoong ito
ay tunay. Dahil dito'y sawayin mong may kabagsikan sila,
upang mangapakagaling sa pananampalataya, **14** Na huwag
mangakinig sa mga katha ng mga Judio, at sa mga utos
ng mga tao na nangagsisisinsay sa katotohanan. **15** Sa
malinis ang lahat ng mga bagay ay malinis: datapuwa't sa
nangahawa at di nagsisisampalataya ay walang anomang
malinis; kundi pati ng kanilang pagiisip at kanilang budhi
ay pawang nangahawa. **16** Sila'y nangagpapanggap na
nakikilala nila ang Dios; nguni't ikinakaila sa pamamagitan
ng kanilang mga gawa, palibhasa'y mga malulupit, at mga
masuwayin, at mga itinakuwil sa bawa't gawang mabuti.

**2** Nguni't magsalita ka ng mga bagay na nauukol sa aral
na magaling: **2** Na ang matatandang lalake ay maging
mapagpigil, mahusay, mahinahon ang pagiisip, magagaling
sa pananampalataya, sa pagibig, sa pagtitiis: **3** Na gayon din
ang matatandang babae ay maging magalang sa kanilang
kilos, hindi palabintangin ni paalipin man sa maraming alak,
mga guro ng kabutihan; **4** Upang kanilang maturuan ang mga
babaing may kabataan na magsiibig sa kanikaniyang asawa,
magsiibig sa kanilang mga anak, mangagpakahinahon, **5**
Mangagpakahinahon, mangagpakalinis, mangagpakasipag
sa bahay, magagandang-loob, pasakop sa kanikaniyang
asawa, upang huwag lapastanganin ang salita ng Dios:
**6** Iaral mo rin naman sa mga bagong tao na sila'y
mangagpakahinahon ng pagiisip: **7** Sa lahat ng mga bagay ay
magpakilala kang ikaw ay isang uliran sa mabubuting gawa;
at sa iyong aral ay ipakilala mo ang walang kamalian ang
kahusayan, **8** Pangungusap na magaling, na di mahahatulan;
upang sila na nasa kabilang panig ay mahiya, nang walang
anomang masamang masabi tungkol sa atin. **9** Iaral mo sa
mga alipin na sila'y pasakop sa kanikaniyang Panginoon, at
kanilang kalugdan sa lahat ng mga bagay; at huwag mga
masagutin; **10** Huwag mangagdaya, kundi mangagpakita
ng buong buting pagtatapat; upang pamutihan sa lahat ng
mga bagay ang aral ng Dios na ating Tagapagligtas. **11**
Sapagka't napakita ang biyaya ng Dios, na may dalang
kaligtasan sa lahat ng mga tao, **12** Na nagtuturo sa atin,
upang, pagtanggi natin sa kalikuan at sa mga kahalayan ng
sanglibutan, ay marapat mabuhay tayong may pagpipigil at
matuwid at banal sa panahong kasalukuyan ng sanglibutang
ito; **(aiōn g165)** **13** Na hintayin yaong mapalad na pagasa at
ang pagpapakita ng kaluwalhatian ng ating dakilang Dios at
Tagapagligtas na si Jesucristo; **14** Na siyang nagbigay ng
kaniyang sarili dahil sa atin, upang tayo'y matubos niya sa
lahat ng mga kasamaan, at malinis niya sa kaniyang sarili
ang bayang masikap sa mabubuting gawa, upang maging
kaniyang sariling pag-aari. **15** Ang mga bagay na ito ay
iyong salitain at iaral at isaway ng buong kapangyarihan.
Sinoman ay huwag humamak sa iyo.

**3** Ipaalala mo sa kanilang pasakop sa mga pinuno,
sa mga may kapangyarihan, na mangagmasunurin,
na humanda sa bawa't gawang mabuti, **2** Na huwag
magsalita ng masama tungkol sa kanino man, na huwag
makipagtalo, kundi mapakahinhin, at magpakahinahon
sa lahat ng mga tao. **3** Sapagka't tayo rin naman nang
unang panahon ay mga mangmang, mga suwail, mga
nadaya, na nagsisipaglingkod sa sarisaring masamang pita
at kalayawan, na nangamumuhay sa masasamang akala at
kapanaghilian, mga napopoot, at tayo'y nangagkakapootan.
**4** Nguni't nang mahayag na ang kagandahang-loob ng Dios

na ating Tagapagligtas, at ang kaniyang pagibig sa tao, **5** Na
hindi dahil sa mga gawa sa katuwiran na ginawa nating sarili,
kundi ayon sa kaniyang kaawaan ay kaniyang iniligtas tayo,
sa pamamagitan ng paghuhugas sa muling kapanganakan
at ng pagbabago sa Espiritu Santo, **6** Na kaniyang ibinuhos
ng sagana sa atin, sa pamamagitan ni Jesucristo na ating
Tagapagligtas; **7** Upang, sa pagkaaring-ganap sa atin sa
pamamagitan ng kaniyang biyaya, ay maging tagapagmana
tayo ayon sa pagasa sa buhay na walang hanggan. **(aiōnios
g166)** **8** Tapat ang pasabi, at tungkol sa mga bagay na ito
ay ninanasa kong patotohanan mong may pagkakatiwala,
upang ang mga nagsisipanampalataya sa Dios ay maging
maingat na papanatilihin ang mabubuting gawa. Ang mga
bagay na ito ay pawang mabubuti at mapapakinabangan ng
mga tao: **9** Nguni't ilagan mo ang mga hangal na usapan, at
ang mga pagsasalaysay ng lahi, at ang mga pagtatalo, at
pagtataltalan tungkol sa kautusan; sapagka't ang mga ito ay
di pinakikinabangan at walang kabuluhan. **10** Ang taong may
maling pananampalataya pagkatapos nang una at ikalawang
pagsaway ay itakuwil mo; **11** Yamang nalalaman mo na ang
gayon ay napahamak, at nagkakasala at siya'y hinahatulan
ng kaniyang sarili. **12** Pagka susuguin ko sa iyo si Artemas, o
si Tiquico, ay magsikap kang pumarini sa akin sa Nicopolis:
sapagka't pinasiyahan kong doon matira sa taginaw. **13**
Suguin mong may sikap si Zenas na tagapagtanggol ng
kautusan at si Apolos sa kanilang paglalakbay, upang sila'y
huwag kulangin ng ano man. **14** At pagaralan din naman
ng ating mga tao na manatili sa mabubuting gawa sa
kagamitang kailangan, upang huwag mawalan ng bunga.
**15** Binabati ka ng lahat ng mga kasama ko. Batiin mo ang
mga nagsisiibig sa atin sa pananampalataya. Biyaya ang
sumainyo nawang lahat.

# Filemon

1 Si Pablo, na bilanggo ni Cristo Jesus, at si Timoteo
na ating kapatid kay Filemon na aming minamahal at
kamanggagawa, 2 At kay Apia na ating kapatid na babae,
at kay Arquipo na kapuwa kawal namin, at sa iglesia sa
iyong bahay: 3 Sumainyo nawa ang biyaya at kapayapaang
mula sa Dios na ating Ama at sa Panginoong Jesucristo.
4 Nagpapasalamat akong lagi sa aking Dios, na ikaw ay
binabanggit ko sa aking mga panalangin, 5 Sa pagkabalita ko
ng iyong pagibig, at ng pananampalataya mo sa Panginoong
Jesus, at sa lahat ng mga banal; 6 Upang ang pakikipagkaisa
ng iyong pananampalataya, ay maging mabisa sa pagkaalam
ng bawa't mabuting bagay na nasa iyo, sa kay Cristo. 7
Sapagka't ako'y totoong nagalak at naaliw sa iyong pagibig,
sapagka't ang mga puso ng mga banal ay naginhawahan sa
pamamagitan mo, kapatid. 8 Kaya, bagama't kay Cristo ay
mayroon akong buong pagkakatiwala upang ipagtagubilin ko
sa iyo ang nauukol, 9 Gayon ma'y alangalang sa pagibig
ay bagkus akong namamanhik, kung sa bagay akong si
Pablo ay matanda na, at ngayon nama'y bilanggo ni Cristo
Jesus: 10 Ipinamamanhik ko sa iyo ang aking anak, na
aking ipinanganak sa aking mga tanikala, si Onesimo, 11
Na nang unang panahon ay hindi mo pinakinabangan,
datapuwa't ngayon ay may pakikinabangin ka at ako man:
12 Na siya'y aking pinabalik sa iyo sa kaniyang sariling
katawan, sa makatuwid baga'y, ang aking sariling puso: 13
Na ibig ko sanang pigilin siya sa aking piling, upang sa
iyong pangalan ay paglingkuran ako sa mga tanikala ng
evangelio: 14 Datapuwa't kung wala kang pasiya ay wala
akong magagawang anoman; upang ang iyong kabutihang-
loob ay huwag maging tila sa pagkakailangan, kundi sa
sariling kalooban. 15 Sapagka't marahil sa ganito siya'y
nahiwalay sa iyo sa sangdaling panahon, upang siya'y
mapasa iyo magpakailan man; **(aiōnios g166)** 16 Na hindi na
alipin, kundi higit sa alipin, isang kapatid na minamahal,
lalong lalo na sa akin, nguni't gaano pa kaya sa iyo, na siya'y
minamahal mo maging sa laman at gayon din sa Panginoon.
17 Kung ako nga ay inaari mong kasama, ay tanggapin mo
siyang tila ako rin. 18 Nguni't kung siya'y nagkasala sa iyo
ng anoman, o may utang sa iyong anoman, ay ibilang mo sa
akin; 19 Akong si Pablo na sumusulat nito ng aking sariling
kamay, ay siyang magbabayad sa iyo: hindi sa sinasabi ko
sa iyo na ikaw man ay utang mo pa sa akin. 20 Oo, kapatid,
magkaroon nawa ako ng katuwaan sa iyo sa Panginoon:
panariwain mo ang aking puso kay Cristo. 21 Kita'y sinulatan
sa pagkakatiwala sa iyong pagtalima, palibhasa'y aking
nalalaman na gagawin mo ang higit pa kay sa aking sinasabi.
22 Datapuwa't bago ang lahat ay ipaghanda mo ako ng
matutuluyan: sapagka't inaasahan kong sa pamamagitan ng
inyong mga panalangin ay ipagkakaloob ako sa inyo. 23
Binabati ka ni Epafras, na aking kasama sa pagkabilanggo
kay Cristo Jesus; 24 At gayon din ni Marcos, ni Aristarco, ni
Demas, at ni Lucas na aking mga kamanggagawa. 25 Ang
biyaya ng ating Panginoong Jesucristo ay sumainyo nawang
espiritu. Siya nawa.

# Mga Hebreo

1 Ang Dios, na nagsalita nang unang panahon sa ating
mga magulang sa iba't ibang panahon at sa iba't ibang
paraan sa pamamagitan ng mga propeta, 2 Ay nagsalita
sa atin sa mga huling araw na ito sa pamamagitan, ng
kaniyang Anak, na siyang itinalaga na tagapagmana ng
lahat ng mga bagay, na sa pamamagitan naman niya'y
ginawa ang sanglibutan; **(aiōn g165)** 3 Palibhasa'y siyang
sinag ng kaniyang kaluwalhatian, at tunay na larawan ng
kaniyang pagka-Dios, at umaalalay ng lahat ng mga bagay
sa pamamagitan ng salita ng kaniyang kapangyarihan, nang
kaniyang magawa na ang paglilinis ng mga kasalanan, ay
lumuklok sa kanan ng Karangalan sa kaitaasan; 4 Na naging
lalong mabuti kay sa mga anghel, palibhasa'y nagmana
ng lalong marilag na pangalan kay sa kanila. 5 Sapagka't
kanino nga sa mga anghel sinabi niya kailan man, Ikaw ay
aking Anak, Ikaw ay aking ipinanganak ngayon? at muli,
Ako'y magiging kaniyang Ama, At siya'y magiging aking
Anak? 6 At muli nang dinadala niya ang panganay sa
sangkalupaan ay sinasabi, At sambahin siya ng lahat ng mga
anghel ng Dios. 7 At sinasabi niya tungkol sa mga anghel,
Yaong ginagawang mga anghel niya ang mga hangin, At
ang kaniyang mga ministro ay ningas ng apoy: 8 Nguni't
tungkol sa Anak ay sinasabi, Ang iyong luklukan, Oh Dios,
ay magpakailan man; At ang setro ng katuwiran ay siyang
setro ng iyong kaharian. **(aiōn g165)** 9 Inibig mo ang katuwiran,
at kinapootan mo ang kasamaan; Kaya't ang Dios, ang
Dios mo, ay nagbuhos sa inyo, Ng langis ng kasayahang
higit sa iyong mga kasamahan. 10 At, Ikaw, Panginoon,
nang pasimula'y inilagay mo ang kinasasaligan ng lupa,
At ang mga langit ay mga gawa ng iyong mga kamay: 11
Sila'y mangapapahamak; datapuwa't ikaw ay nananatili: At
silang lahat ay mangalulumang gaya ng isang kasuutan;
12 At gaya ng isang balabal sila'y iyong bibilutin, At sila'y
mapapalitang gaya ng kasuutan: Nguni't ikaw ay ikaw rin, At
ang iyong mga taon ay di matatapos. 13 Nguni't kanino sa
mga anghel sinabi niya kailan man, Lumuklok ka sa aking
kanan, Hanggang sa ang iyong mga kaaway ay gawin kong
tungtungan ng iyong mga paa? 14 Hindi baga silang lahat
ay mga espiritung tagapaglingkod, na mga sinugo upang
magsipaglingkod sa kapakinabangan ng mangagmamana
ng kaligtasan?

2 Kaya't nararapat nating pagkatantuin ang mga bagay na
narinig, baka sakaling tayo'y makahagpos. 2 Sapagka't
kung ang ipinangusap na salita sa pamamagitan ng
mga anghel ay nagtibay, at ang bawa't pagsalangsang
at pagsuway ay tumanggap ng matuwid na parusa na
kabayaran; 3 Paanong makatatanan tayo, kung ating
pabayaan ang ganitong dakilang kaligtasan? na ipinangusap
ng Panginoon noong una ay pinatunayan sa atin sa
pamamagitan ng mga nakarinig; 4 Na pawang sinasaksihan
naman ng Dios na kasama nila, sa pamamagitan ng mga
tanda at mga kababalaghan, at ng saganang kapangyarihan,
at ng mga kaloob ng Espiritu Santo, ayon sa kaniyang
sariling kalooban. 5 Sapagka't hindi niya ipinasakop sa
mga anghel ang sanglibutang darating, na siya naming
isinasaysay. 6 Nguni't pinatunayan ng isa sa isang dako,
na sinasabi, Ano ang tao, upang siya'y iyong alalahanin?
O ang anak ng tao, upang siya'y iyong dalawin? 7 Siya'y
ginawa mong mababa ng kaunti kay sa mga anghel; Siya'y
pinutungan mo ng kaluwalhatian at ng karangalan, At siya'y
inilagay mo sa ibabaw ng mga gawa ng iyong mga kamay: 8
Inilagay mo ang lahat ng mga bagay sa pagsuko sa ilalim
ng kaniyang mga paa. Sapagka't nang pasukuin niya ang
lahat ng mga bagay sa kaniya, ay wala siyang iniwan na
di sumuko sa kaniya. Nguni't ngayon ay hindi pa natin
nakikitang sumuko sa kaniya ang lahat ng mga bagay. 9
Kundi nakikita natin ang ginawang mababa ng kaunti kay sa
mga anghel, sa makatuwid ay si Jesus, na dahil sa pagbata
ng kamatayan ay pinutungan ng kaluwalhatian at karangalan,
upang sa pamamagitan ng biyaya ng Dios ay lasapin niya
ang kamatayan dahil sa bawa't tao. 10 Sapagka't marapat
sa kaniya na pinagukulan ng lahat ng mga bagay, at sa
pamamagitan niya ang lahat ng mga bagay, sa pagdadala
ng maraming anak sa kaluwalhatian na gawing sakdal
siyang may gawa ng kaligtasan nila sa pamamagitan ng
mga sakit. 11 Sapagka't ang nagpapapagingbanal at ang mga
pinapapagingbanal ay pawang sa isa: na dahil dito'y hindi siya
nahihiyang tawagin silang mga kapatid, 12 Na sinasabi,
Ibabalita ko ang iyong pangalan sa aking mga kapatid, Sa
gitna ng kapisanan ay aawitin ko ang kapurihan mo. 13 At
muli, ilalagak ko ang aking pagkakatiwala sa kaniya. At muli,
Narito, ako at ang mga anak na ibinigay sa akin ng Dios. 14
Dahil sa ang mga anak ay mga may bahagi sa laman at
dugo, siya nama'y gayon ding nakabahagi sa mga ito; upang
sa pamamagitan ng kamatayan ay kaniyang malipol yaong
may paghahari sa kamatayan, sa makatuwid ay ang diablo:
15 At mailigtas silang lahat na dahil sa takot sa kamatayan
ay nangasailalim ng pagkaalipin sa buong buhay nila. 16
Sapagka't tunay na hindi niya tinutulungan ang mga anghel,
kundi tinutulungan niya ang binhi ni Abraham. 17 Kaya't
nararapat sa kaniya na sa lahat ng mga bagay ay matulad
sa kaniyang mga kapatid, upang maging isang dakilang
saserdoteng maawain at tapat sa mga bagay na nauukol sa
Dios, upang gumawa ng pangpalubag-loob patungkol sa
mga kasalanan ng bayan. 18 Palibhasa'y nagbata siya sa
pagkatukso, siya'y makasasaklolo sa mga tinutukso.

3 Kaya, mga banal na kapatid, mga may bahagi sa
pagtawag ng kalangitan, inyong isipin ang Apostol at
Dakilang Saserdote na ating kinikilala, si Jesus; 2 Na siya'y
tapat sa naglagay sa kaniya na gaya rin naman ni Moises
sa buong sangbahayan niya. 3 Sapagka't siya ay inaring
may karapatan sa lalong kaluwalhatian kay sa kay Moises,
palibhasa'y may lalong karangalan kay sa bahay yaong
nagtayo ng bahay. 4 Sapagka't ang bawa't bahay ay may
nagtayo; datapuwa't ang nagtayo ng lahat ng mga bagay
ay ang Dios. 5 At sa katotohanang si Moises ay tapat sa
buong sangbahayan niya gaya ng lingkod, na pinakapatotoo
sa mga bagay na sasabihin pagkatapos; 6 Datapuwa't
si Cristo, gaya ng anak ay puno sa bahay niya; na ang
bahay niya ay tayo, kung ating ingatang matibay ang ating
pagkakatiwala at pagmamapuri sa pagasa natin hanggang
sa katapusan. 7 Gaya nga ng sabi ng Espiritu Santo,
Ngayon kung marinig ninyo ang kaniyang tinig, 8 Huwag
ninyong papagmatigasin ang inyong mga puso, na gaya
ng sa pamumungkahi, Gaya nang sa araw ng pagtukso sa
ilang, 9 Na doon ako tinukso ng inyong mga magulang sa
pagsubok sa akin, At apat na pung taon na nangakita ang
aking mga gawa. 10 Dahil dito'y nagalit ako sa lahing ito,
At aking sinabi, Laging sila'y nangagkakamali sa kanilang
puso: Nguni't hindi nila nangakilala ang aking mga daan;
11 Ano pa't aking isinumpa sa aking kagalitan, Sila'y hindi
magsisipasok sa aking kapahingahan. 12 Magsipagingat
kayo, mga kapatid, baka sakaling mayroon sa kanino man sa
inyo ng isang pusong masama na walang pananampalataya,
na naghihiwalay sa inyo sa Dios na buhay: 13 Nguni't kayo'y
mangagpangaralan sa isa't isa araw-araw, samantalang
sinasabi, Ngayon; baka papagmatigasin ang sinoman sa
inyo ng daya ng kasalanan: 14 Sapagka't tayo'y nagiging
kabahagi ni Cristo, kung ating iniingatang matibay ang
pasimula ng ating pagkakatiwala hanggang sa katapusan:
15 Samantalang sinasabi, Ngayon kung marinig ninyo ang
kaniyang tinig, Huwag ninyong papagmatigasin ang inyong
mga puso, na gaya ng sa pamumungkahi. 16 Sapagka't
sino-sino, na pagkarinig ay namungkahi? nguni't, hindi baga
yaong lahat na nagsialis sa Egipto sa pamamagitan ni
Moises? 17 At sino-sino ang kinagalitan niyang apat na pung
taon? hindi baga yaong nangagkasala, na ang kanilang
mga katawan ay nangabuwal sa ilang? 18 At sa kani-
kanino isinumpa niyang hindi makapapasok sa kaniyang
kapahingahan, kundi yaong mga nagsisuway? 19 At nakikita
natin na sila'y hindi nangakapasok dahil sa kawalan ng
pananampalataya.

4 Mangatakot nga tayo, yamang may iniwang pangako
ng pagpasok sa kaniyang kapahingahan, baka sakaling
sinoman sa inyo ay maging tulad sa di nakaabot niyaon.
2 Sapagka't tunay na tayo'y pinangaralan ng mabubuting
balita, gaya rin naman nila: nguni't hindi nila pinakinabangan
ang salitang napakinggan, dahil sa walang kalakip na
pananampalataya ang nangakarinig. 3 Sapagka't tayong
nagsisipanampalataya ay nagsisipasok sa kapahingahang
yaon; gaya ng sinabi niya, Gaya ng aking isinumpa sa aking
kagalitan, Sila'y hindi magsisipasok sa aking kapahingahan:
bagama't ang mga gawa ay nangatapos mula nang itatag
ang sanglibutan. 4 Sapagka't sa isang dako ay sinabi
niya ang ganito tungkol sa ikapitong araw, At nagpahinga
nang ikapitong araw ang Dios sa lahat ng kaniyang mga
gawa; 5 At sa dakong ito ay muling sinabi, Sila'y hindi
magsisipasok sa aking kapahingahan. 6 Kaya't yamang
may natitira pang ibang dapat magsipasok doon, at ang
mga pinangaralan nang una ng mabubuting balita ay hindi
nangapasok dahil sa pagsuway, 7 Ay muling nagtangi siya
ng isang araw, Ngayon pagkatapos ng ilang panahon na
sinabi sa mga awit ni David (ayon sa sinabi na ng una),
Ngayon kung marinig ninyo ang kaniyang tinig, Huwag
ninyong papagmatigasin ang inyong mga puso. 8 Sapagka't
kung ibinigay sa kanila ni Josue ang kapahingahan, ay hindi
na sana niya sasalitain pagkatapos ang ibang araw. 9 May
natitira pa ngang isang pamamahingang sabbath, ukol sa
bayan ng Dios. 10 Sapagka't ang pumasok sa kaniyang
kapahingahan ay nagpahinga naman sa kaniyang mga gawa,
gaya ng Dios sa kaniyang mga gawa. 11 Magsipagsikap
nga tayo ng pagpasok sa kapahingahang yaon, upang
huwag marapa ang sinoman ayon sa gayong halimbawa ng
pagsuway. 12 Sapagka't ang salita ng Dios ay buhay, at
mabisa, at matalas kay sa alin mang tabak na may dalawang
talim, at bumabaon hanggang sa paghihiwalay ng kaluluwa
at espiritu, ng mga kasukasuan at ng utak, at madaling
kumilala ng mga pagiisip at mga haka ng puso. 13 At walang
anomang nilalang na hindi nahahayag sa kaniyang paningin:
nguni't ang lahat ng mga bagay ay hubad at hayag sa
harapan ng mga mata niyaong ating pagsusulitan. 14 Yaman
ngang tayo'y mayroong isang lubhang dakilang saserdote,
na pumasok sa kalangitan, si Jesus na Anak ng Dios, ay
ingatan nating matibay ang ating pagkakilala. 15 Sapagka't
tayo'y walang isang dakilang saserdote na hindi maaaring
mahabag sa ating kahinaan, kundi isa na tinukso sa lahat
ng mga paraan gaya rin naman natin gayon ma'y walang
kasalanan. 16 Magsilapit nga tayong may pagkakatiwala sa
luklukan ng biyaya, upang tayo'y magsipagtamo ng awa, at
mangakasumpong ng biyaya upang tumulong sa atin sa
panahon ng pangangailangan.

5 Sapagka't ang bawa't dakilang saserdote palibhasa'y
hinugot sa mga tao, ay inilagay dahil sa mga tao sa mga
bagay na nauukol sa Dios, upang siya'y makapaghandog

ng mga kaloob at mga hain namang patungkol sa mga
kasalanan: 2 Na makapagtitiis na may kaamuan sa mga
di nakaaalam at nangamamali, yamang siya rin naman ay
nalilibid ng kahinaan; 3 At dahil dito'y nararapat siyang
maghandog dahil sa mga kasalanan, at hindi lamang
patungkol sa mga tao, kundi naman sa kaniyang sarili. 4
At sinoman ay hindi tumatanggap sa kaniyang sarili ng
karangalang ito, liban na kung tawagin siya ng Dios, na gaya
ni Aaron. 5 Gayon din si Cristo man ay hindi nagmapuri
sa kaniyang sarili upang maging dakilang saserdote, kundi
yaong sa kaniya ay nagsabi, Ikaw ay aking Anak. Ikaw ay
aking naging anak ngayon: 6 Gaya rin naman ng sinasabi
niya sa ibang dako, Ikaw ay saserdote magpakailan man
Ayon sa pagkasaserdote ni Melquisedec. **(aiōn g165)** 7 Na
siya sa mga araw ng kaniyang laman ay naghandog ng
mga panalangin at mga daing na sumisigaw ng malakas at
lumuluha doon sa may kapangyarihang makapagligtas sa
kaniya sa kamatayan, at siya'y dininig dahil sa kaniyang
banal na takot, 8 Bagama't siya'y Anak, gayon may natuto ng
pagtalima sa pamamagitan ng mga bagay na kaniyang tiniis;
9 At nang siya'y mapaging sakdal, ay siya ang gumawa ng
walang hanggang kaligtasan ng lahat na mga nagsisitalima
sa kaniya; **(aiōnios g166)** 10 Pinanganlan ng Dios na dakilang
saserdote ayon sa pagkasaserdote ni Melquisedec. 11
Tungkol sa kaniya'y marami kaming sasabihin, at mahirap
na saysayin, palibhasa'y nagsipurol kayo sa pakikinig. 12
Sapagka't nang kayo'y nangararapat nang maging mga guro
dahil sa kaluwatan, ay muling kayo'y nangangailangan na
kayo'y turuan ninoman ng mga unang simulain ng aral ng
Dios; at naging tulad sa mga nangangailangan ng gatas, at
hindi ng pagkaing matigas. 13 Sapagka't bawa't tumatanggap
ng gatas ay walang karanasan sa salita ng katuwiran;
sapagka't siya'y isang sanggol. 14 Nguni't ang pagkaing
matigas ay sa mga may gulang, sa makatuwid ay doon sa
mga sa pamamagitan ng pamimihasa ay nangasanay ang
kanilang mga pakiramdam, upang makilala ang mabuti at
ang masama.

**6** Kaya't tayo'y tumigil na ng pagsasalita ng mga unang
simulain ng aral ni Cristo, at tayo'y mangagpatuloy sa
kasakdalan; na huwag nating ilagay na muli ang kinasasaligan
ng pagsisisi sa mga patay na gawa, at ng pananampalataya
sa Dios, 2 Ng aral na tungkol sa mga paglilinis, at ng
pagpapatong ng mga kamay, at ng pagkabuhay na maguli
ng mga patay, at ng paghuhukom na walang hanggan.
**(aiōnios g166)** 3 At ating gagawin ito, kung ipahihintulot ng
Dios. 4 Sapagka't tungkol sa mga minsang naliwanagan at
nakalasap ng kaloob ng kalangitan, at mga nakabahagi ng
Espiritu Santo, 5 At nakalasap ng mabuting salita ng Dios,
at ng mga kapangyarihan ng panahong darating, **(aiōn g165)** 6
At saka nahiwalay sa Dios ay di maaaring baguhin silang
muli sa pagsisisi; yamang kanilang ipinapapakong muli sa
ganang kanilang sarili ang Anak ng Dios, at inilalagay na
muli siya sa hayag na kahihiyan. 7 Sapagka't ang lupang
humitit ng ulang madalas na lumalagpak sa kaniya, at
tinutubuan ng mga damong pakikinabangan ng mga yaon na
dahil sa kanila'y binukid, ay tumanggap ng pagpapalang
mula sa Dios: 8 Datapuwa't kung namumunga ng mga
tinik at dawag, ay itinatakuwil at malapit sa sumpa; at
ang kaniyang kahihinatnan ay ang sunugin. 9 Nguni't,
mga minamahal, naniniwala kaming lubos sa magagaling
na bagay tungkol sa inyo, at sa mga bagay na kalakip
ng pagkaligtas, bagama't kami ay nagsasalita ng ganito:
10 Sapagka't ang Dios ay hindi liko upang limutin ang
inyong gawa at ang pagibig na inyong ipinakita sa kaniyang
pangalan, sa inyong paglilingkod sa mga banal, at hanggang
ngayo'y nagsisipaglingkod kayo. 11 At ninanasa namin na
ang bawa't isa sa inyo ay magpakita ng gayon ding sikap
sa ikalulubos ng pagasa hanggang sa katapusan: 12 Na
huwag kayong mga tamad, kundi mga taga tulad kayo sa
mga na sa pamamagitan ng pananampalataya at ng pagtitiis
ay nagsisipagmana ng mga pangako. 13 Sapagka't nang
mangako ang Dios kay Abraham, palibhasa'y hindi niya
maipanumpa ang anomang lalong mataas, ay ipinanumpa
ang kaniyang sarili, 14 Na sinasabi, Tunay sa pagpapala ay
pagpapalain kita, at sa pagpaparami ay pararamihin kita.
15 At sa ganito, nang makapaghintay na may pagtitiis, ay
nagtamo siya ng pangako. 16 Sapagka't ipinanunumpa ng
mga tao ang lalong mataas: at sa bawa't pagtatalo nila'y
ang sumpa sa pagpapatotoo ang siyang katapusan. 17
Sa ganito, sa pagkaibig ng Dios na maipakitang lalong
sagana sa mga tagapagmana ng pangako ang kawalan ng
pagbabago ng kaniyang pasiya, ay ipinamagitan ang sumpa;
18 Upang sa dalawang bagay na di mababago, na diya'y
di maaaring ang Dios ay magbulaan, ay mangagkaroon
tayo ng isang matibay na kasiglahan, tayong nangagsitakas
na sumakanlong upang mangapit sa pagasang nalalagay
sa ating unahan: 19 Na ating inaring tulad sa sinepete ng
kaluluwa, isang pagasa na matibay at matatag at pumapasok
sa nasa loob ng tabing; 20 Na doo'y pumasok dahil sa
atin si Jesus, na gaya ng pangunahin, na naging dakilang
saserdote magpakailan man ayon sa pagkasaserdote ni
Melquisedec. **(aiōn g165)**

**7** Sapagka't itong si Melquisedec, hari sa Salem, saserdote
ng Kataastaasang Dios, na siyang sumalubong kay
Abraham sa pagbabalik na galing sa paglipol sa mga hari
at siya'y pinagpala niya, 2 Na siya namang binahagihan
ni Abraham ng ikasangpung bahagi ng lahat (na kung
sasaysayin, una-una, siya'y Hari ng katuwiran, at saka Hari

naman sa Salem, na sa makatuwid, ay Hari ng kapayapaan;
3 Na walang ama, walang ina, walang tandaan ng lahi,
at walang pasimula ng mga araw ni katapusan ng buhay
man, datapuwa't naging katulad ng Anak ng Dios), ay
nanatiling saserdote magpakailan man. 4 Nilaynilayin nga
ninyo kung gaano ang kadakilaan ng taong ito, na binigyan
ni Abraham, na patriarka, ng ikasangpung bahagi ng mga
pinakamagagaling na samsam. 5 At katotohanan ang mga sa
anak ni Levi na nagsisitanggap ng katungkulang saserdote,
ay mayroong utos na kumuha ng ikasangpung bahagi sa
bayan ayon sa kautusan, sa makatuwid ay sa kanilang
mga kapatid, bagama't ang mga ito ay nagsilabas sa mga
balakang ni Abraham: 6 Nguni't yaong ang talaan ng lahi
ay hindi ibinibilang sa kanila ay kumuha ng ikasangpung
bahagi kay Abraham, at pinagpala yaong may mga pangako.
7 Datapuwa't walang anomang pagtatalo ang mababa
ay pinagpapala ng mataas. 8 At dito'y ang mga taong
may kamatayan ay tumatanggap ng ikasangpung bahagi;
datapuwa't doon ay ang isa, na pinatutunayang nabubuhay.
9 At sa makatuwid baga'y sa pamamagitan ni Abraham
pati si Levi, na tumatanggap ng ikasangpung bahagi, ay
nagbayad ng ikasangpung bahagi; 10 Sapagka't siya'y nasa
mga balakang pa ng kaniyang ama, nang ito'y salubungin
ni Melquisedec. 11 Ngayon kung may kasakdalan nga sa
pamamagitan ng pagkasaserdote ng mga Levita (sapagka't
sa ilalim nito ay tinanggap ng bayan ang kautusan), anong
kailangan pa na magbangon ang ibang saserdote, ayon
sa pagkasaserdote ni Melquisedec at hindi ibilang ayon
sa pagkasaserdote ni Aaron? 12 Sapagka't nang palitan
ang pagkasaserdote ay kinailangang palitan naman ang
kautusan. 13 Sapagka't yaong tungkol sa kaniya ay sinasabi
ang mga bagay na ito ay naukol sa ibang angkan, na
doon ang sinoma'y hindi naglilingkod sa dambana. 14
Sapagka't maliwanag na ang ating Panginoon ay lumitaw
mula kay Juda; na tungkol sa angkang yao'y walang
sinalitang anoman si Moises hinggil sa mga saserdote.
15 At lalo pang napakaliwanag ito, kung ayon sa anyo ni
Melquisedec ay lumitaw ang ibang saserdote, 16 Na ginawa,
hindi ayon sa kautusan ng utos na ukol sa laman, kundi ayon
sa kapangyarihan ng isang buhay na walang katapusan:
17 Sapagka't pinatotohanan tungkol sa kaniya, Ikaw ay
saserdote magpakailan man Ayon sa pagkasaserdote
ni Melquisedec. **(aiōn g165)** 18 Sapagka't napapawi ang
unang utos dahil sa kaniyang kahinaan at kawalan ng
kapakinabangan. 19 (Sapagka't ang kautusan ay walang
anomang pinasasakdal), at may pagpapasok ng isang
pagasang lalong magaling, na sa pamamagitan nito ay
nagsisilapit tayo sa Dios. 20 At yamang yao'y hindi naging
sa walang sumpa: 21 (Sapagka't sila'y sa katotohanan ay
ginawang mga saserdote na walang sumpa; datapuwa't
siya'y may sumpa sa pamamagitan niyaong nagsasabi
tungkol sa kaniya, Sumumpa ang Panginoon at hindi siya
nagsisisi, Ikaw ay saserdote magpakailan man); **(aiōn g165)**
22 Ay gayon din naman si Jesus ay naging tagapanagot sa
lalong mabuting tipan. 23 At katotohanang sila'y marami
sa bilang na naging mga saserdote, sapagka't dahil sa
kamatayan ay napigil sila ng pagpapatuloy: 24 Datapuwa't
siya, sapagka't namamalagi magpakailan man ay may
pagkasaserdote siyang di mapapalitan. **(aiōn g165)** 25 Dahil
dito naman siya'y nakapagliligtas na lubos sa mga nagsisilapit
sa Dios sa pamamagitan niya, palibhasa'y laging nabubuhay
siya upang mamagitan sa kanila. 26 Sapagka't nararapat
sa atin ang gayong dakilang saserdoteng banal, walang
sala, walang dungis, nahihiwalay sa mga makasalanan, at
ginawang lalong mataas pa kay sa mga langit; 27 Na hindi
nangangailangan araw-araw na maghandog ng hain, na
gaya niyaong mga dakilang saserdote una-una'y patungkol
sa kaniyang sariling mga kasalanan at saka patungkol sa
mga kasalanan ng bayan: sapagka't ito'y ginawa niyang
minsan magpakailan man, nang kaniyang ihandog ang
kaniyang sarili. 28 Sapagka't inilagay ng kautusan na mga
dakilang saserdote ang mga taong may kahinaan; nguni't
ang salita ng sumpa na kasunod ng kautusan ay siyang
naglalagay sa Anak, na sakdal magpakailan man. **(aiōn g165)**

**8** Ang kinauuwian nga ng mga bagay na aming sinasabi
ay ito: Mayroon tayong isang dakilang saserdote, na
nakaupo sa kanan ng luklukan ng Karangalan sa mga langit,
2 Ministro sa santuario, at sa tunay na tabernakulo, na
itinayo ng Panginoon, hindi ng tao. 3 Sapagka't ang bawa't
dakilang saserdote ay inilagay upang maghandog ng mga
kaloob at ng mga hain naman: sa ganito'y kinakailangan din
namang siya'y magkaroon ng anomang ihahandog. 4 Kung
siya nga'y nasa lupa ay hindi siya saserdote sa anomang
paraan, palibhasa'y mayroon nang nagsisipaghandog ng
mga kaloob ayon sa kautusan; 5 Na nangaglilingkod sa
anyo at anino ng mga bagay sa kalangitan, gaya naman ni
Moises na pinagsabihan ng Dios nang malapit ng gawin niya
ang tabernakulo: sapagka't sinabi niya, Ingatan mo na iyong
gawin ang lahat ng mga bagay ayon sa anyong ipinakita
sa iyo sa bundok. 6 Datapuwa't ngayo'y kinamtan niya
ang ministeriong lalong marangal, palibhasa'y siya nama'y
tagapamagitan sa isang tipang lalong magaling, na inilagda
sa lalong mabubuting pangako. 7 Sapagka't kung ang unang
tipang yaon ay naging walang kakulangan, ay hindi na sana
inihanap ng pangangailangan ang ikalawa. 8 Sapagka't sa
pagkakita ng kakulangan sa kanila, ay sinabi niya, Narito,
dumarating ang mga araw, sinasabi ng Panginoon, Na ako'y
gagawa ng isang bagong pakikipagtipan; sa sangbahayan ni

Israel at sa sangbahayan ni Juda. 9 Hindi ayon sa tipang
aking ipinakipagtipan sa kanilang mga magulang Nang araw
na sila'y aking tangnan sa kamay, upang sila'y ihatid sa labas
ng lupain ng Egipto; Sapagka't sila'y hindi nanatili sa aking
tipan, At akin silang pinabayaan, sinasabi ng Panginoon.
10 Sapagka't ito ang pakikipagtipang aking gagawin sa
sangbahayan ni Israel Pagkatapos ng mga araw na yaon,
sinasabi ng Panginoon; Ilalagay ko ang aking mga kautusan
sa kanilang pagiisip, At sa kanilang mga puso'y aking
isusulat ang mga ito. At ako'y magiging Dios nila, At sila'y
magiging bayan ko: 11 At hindi magtuturo ang bawa't isa sa
kaniyang kababayan, At ang bawa't isa sa kaniyang kapatid,
na sasabihing, Kilalanin mo ang Panginoon: Sapagka't
ako'y makikilala ng lahat, Mula sa kaliitliitan hanggang sa
kadakidakilaan sa kanila. 12 Sapagka't ako'y magiging
mahabagin sa kanilang kalikuan, At ang kanilang mga
kasalanan ay hindi ko na aalalahanin pa. 13 Doon sa
sinasabi niya, Isang bagong tipan, ay linuma niya ang una.
Datapuwa't ang nagiging luma at tumatanda ay malapit ng
lumipas.

9 Ngayon, ang unang tipan din ay nagkaroon ng mga
palatuntunan ng pagsamba sa Dios, at ng kaniyang
santuario, ang santuario ng sanglibutang ito. 2 Sapagka't
inihanda ang isang tabernakulo, ang una, na kinaroroonan
ng kandelero, at ng dulang, at ng mga tinapay na handog;
na siyang tinatawag na Dakong Banal. 3 At sa likod
ng ikalawang tabing ay ang tabernakulo na tinatawag
na Dakong Kabanalbanalan; 4 Na may isang gintong
dambana ng kamangyan at kaban ng tipan, at ang paligid
ay nakakalupkupan ng ginto, na siyang kinaroroonan ng
sisidlang-ginto na may lamang mana, at tungkod ni Aaron na
namulaklak, at mga tapyas na bato ng tipan; 5 At sa ibabaw
nito ay ang mga querubin ng kaluwalhatian na nangagsisililim
sa luklukan ng awa; na ang mga bagay na ito ay hindi
natin mapaguusapan ngayon ng isa isa. 6 At sa ganitong
pagkahanda ng mga bagay na ito, sa unang tabernakulo ay
palaging nagsisipasok ang mga saserdote, na tinutupad ang
mga katungkulan; 7 Datapuwa't sa ikalawa ay pumapasok
na nagiisa ang dakilang saserdote, minsan sa isang taon, na
hindi walang dalang dugo, na inihahandog na patungkol
sa kaniyang sarili, at sa mga kamalian ng bayan: 8 Na
ipinakikilala ng Espiritu Santo, na hindi pa naihahayag ang
pagpasok sa dakong banal samantalang natatayo pa ang
unang tabernakulo; 9 Na yao'y isang talinghaga ng panahong
kasalukuyan; ayon dito ay inihahandog ang mga kaloob at
ang mga hain, tungkol sa budhi, na hindi magpapasakdal sa
sumasamba, 10 Palibhasa'y palatuntunan lamang na ukol sa
laman, na iniatang hanggang sa panahon ng pagbabago
(gaya ng mga pagkain, at mga inumin at sarisaring paglilinis).
11 Nguni't pagdating ni Cristo na dakilang saserdote ng
mabubuting bagay na darating, sa pamamagitan ng lalong
malaki at lalong sakdal na tabernakulo, na hindi gawa ng
mga kamay, sa makatuwid baga'y hindi sa paglalang na
ito, 12 At hindi rin naman sa pamamagitan ng dugo ng mga
kambing at ng mga bulong baka, kundi sa pamamagitan ng
kaniyang sariling dugo, ay pumasok na minsan magpakailan
man sa dakong banal, na kinamtan ang walang hanggang
katubusan. **(aiōnios g166)** 13 Sapagka't kung ang dugo ng
mga kambing at ng mga baka, at ang abo ng dumalagang
baka na ibinubudbod sa mga nadungisan, ay makapagiging
banal sa ikalilinis ng laman: 14 Gaano pa kaya ang dugo ni
Cristo, na sa pamamagitan ng Espiritu na walang hanggan
ay inihandog ang kaniyang sarili na walang dungis sa Dios,
ay maglilinis ng inyong budhi sa mga gawang patay upang
magsipaglingkod sa Dios na buhay? **(aiōnios g166)** 15 At
dahil dito'y siya ang tagapamagitan ng isang bagong tipan,
upang sa pamamagitan ng isang kamatayan na ukol sa
ikatutubos ng mga pagsalangsang na nasa ilalim ng unang
tipan, ang mga tinawag ay magsitanggap ng pangako na
manang walang hanggan. **(aiōnios g166)** 16 Sapagka't kung
saan mayroong tipan doo'y kinakailangan ang kamatayan
ng gumawa niyaon. 17 Sapagka't ang isang tipan ay may
kabuluhan kung mamatay ang gumawa: sa ibang paraa'y
walang anomang kabuluhan samantalang nabubuhay ang
gumawa. 18 Kaya't ang una mang tipan ay hindi itinalaga
ng walang dugo. 19 Sapagka't nang salitain ni Moises ang
bawa't utos sa buong bayan ayon sa kautusan, ay kumuha
siya ng dugo ng mga bulong baka at ng mga kambing,
na may tubig at balahibong mapula ng tupa at isopo, at
winisikan ang aklat at gayon din ang buong bayan, 20 Na
sinasabi, Ito ang dugo ng tipan na iniutos ng Dios tungkol sa
inyo. 21 Gayon din ang tabernakulo at ang lahat ng mga
kasangkapan sa pangangasiwa ay pinagwiwisikan niya ng
dugo sa gayon ding paraan. 22 At ayon sa kautusan, ay halos
masasabi kong lahat ng mga bagay ay nililinis ng dugo, at
maliban na sa pagkabuhos ng dugo ay walang kapatawaran.
23 Kinakailangan nga na ang mga anyo ng mga bagay sa
sangkalangitan ay linisin ng mga ito; nguni't ang mga bagay
ring ito sa sangkalangitan ay linisin ng lalong mabubuting
handog kay sa rito. 24 Sapagka't hindi pumasok si Cristo sa
dakong banal na ginawa ng mga kamay, na kahalintulad
lamang ng tunay; kundi sa talagang langit, upang humarap
ngayon sa harapan ng Dios dahil sa atin: 25 At siya'y hindi
rin naman kailangang ihandog na madalas pa ang kaniyang
sarili, na gaya ng dakilang saserdote na pumapasok sa
dakong banal taon-taon na may dalang dugo na hindi niya
sarili; 26 Sa ibang paraan ay kailangan na siya'y magbatang
madalas mula nang itatag ang sanglibutan: datapuwa't

ngayon ay minsan siya'y nahayag sa katapusan ng mga
panahon upang alisin ang kasalanan sa pamamagitan ng
pagkahandog ng kaniyang sarili. **(aiōn g165)** **27** At kung
paanong itinakda sa mga tao ang mamatay na minsan,
at pagkatapos nito ay ang paghuhukom; **28** Ay gayon din
naman si Cristo, na inihandog na minsan upang dalhin ang
mga kasalanan ng marami, sa ikalawa'y pakikita na hiwalay
sa kasalanan, sa ikaliligtas ng mga nagsisipaghintay sa
kaniya.

**10** Sapagka't ang kautusan na may isang anino ng
mabubuting bagay na darating, hindi ang tunay na
larawan ng mga bagay, kailan pa man ay di maaaring
magpasakdal sa mga nagsisilapit sa pamamagitan ng mga
hain na laging inihahandog sa taon-taon. **2** Sa ibang paraan
ay hindi kaya baga nagsipaglikat sila ng paghahandog?
sapagka't ang mga nagsisisamba, yamang nalinis na minsan,
ay hindi na sana nagkaroon pa ng budhi sa mga kasalanan.
**3** Nguni't sa mga hain yaon ginagawa ang pagaalaala sa
mga kasalanan taon-taon. **4** Sapagka't di maaari na ang
dugo ng mga baka at ng mga kambing ay makapagalis ng
mga kasalanan. **5** Kaya't pagpasok niya sa sanglibutan, ay
sinasabi, Hain at handog ay hindi mo ibig. Nguni't isang
katawan ang sa akin ay inihanda mo; **6** Sa mga handog na
susunugin at mga haing patungkol sa mga kasalanan ay
hindi ka nalugod. **7** Nang magkagayo'y sinabi ko, Narito,
ako'y pumarito (sa balumbon ng aklat ay nasusulat tungkol
sa akin.) Upang gawin, Oh Dios, ang iyong kalooban. **8** Sa
itaas ay sinasabi, Mga hain at mga handog at mga handog
na susunuging buo at mga haing patungkol sa kasalanan
ay hindi mo ibig, at di mo rin kinalulugdan (mga bagay na
inihahandog ayon sa kautusan), **9** Saka sinabi niya, Narito,
ako'y pumarito upang gawin ang iyong kalooban. Inaalis niya
ang una, upang maitatag ang ikalawa. **10** Sa kaloobang yaon
tayo'y pinapaging-banal, sa pamamagitan ng pagkahandog
ng katawan ni Cristo na minsan magpakailan man. **11**
At katotohanang ang bawa't saserdote na araw-araw ay
nangangasiwa ng patayo at naghahandog na madalas ng
gayon ding mga hain, na hindi makaalis kailan pa man ng
mga kasalanan: **12** Nguni't siya, nang makapaghandog ng
isa lamang hain patungkol sa mga kasalanan magpakailan
man, ay umupo sa kanan ng Dios; **13** Buhat noon ay
naghihintay hanggang sa ang kaniyang mga kaaway ay
maging tungtungan ng kaniyang mga paa. **14** Sapagka't sa
pamamagitan ng isang paghahandog ay kaniyang pinasakdal
magpakailan man ang mga pinapagiging-banal. **15** At ang
Espiritu Santo ay nagbibigay patotoo rin naman sa atin;
sapagka't pagkasabi niya na, **16** Ito ang tipang gagawin ko sa
kanila Pagkatapos ng mga araw na yaon, sabi ng Panginoon;
Ilalagay ko ang aking mga kautusan sa kanilang puso, At
isusulat ko rin naman sa kanilang pagiisip; **17** At ang kanilang
mga kasalanan at kanilang mga kasamaan ay hindi ko na
aalalahanin pa. **18** At kung saan may kapatawaran ng mga ito
ay wala nang paghahandog na patungkol pa sa kasalanan.
**19** Mga kapatid, yamang may kalayaan ngang makapasok sa
dakong banal sa pamamagitan ng dugo ni Jesus, **20** Sa
pamamagitan ng daang bago at buhay na kaniyang itinalaga
sa atin, sa pamamagitan ng tabing, sa makatuwid baga'y
sa kaniyang laman; **21** At yamang may isang Dakilang
Saserdote na pangulo sa bahay ng Dios; **22** Tayo'y magsilapit
na may tapat na puso sa lubos na pananampalataya, na ang
ating mga puso na winisikan mula sa isang masamang budhi:
at mahugasan ang ating katawan ng dalisay na tubig, **23** Na
ating ingatang matibay ang pagkakilala ng ating pagasa
upang huwag magalinlangan: sapagka't tapat ang nangako:
**24** At tayo'y mangagtinginan upang tayo'y mangaudyok
sa pagiibigan at mabubuting gawa; **25** Na huwag nating
pabayaan ang ating pagkakatipon, na gaya ng ugali ng iba,
kundi mangagaralan sa isa't isa; at lalo na kung inyong
namamalas na nalalapit na ang araw. **26** Sapagka't kung ating
sinasadya ang pagkakasala pagkatapos na ating matanggap
ang pagkakilala sa katotohanan, ay wala nang haing natitira
pa tungkol sa mga kasalanan, **27** Kundi isang kakilakilabot na
paghihintay sa paghuhukom, at isang kabangisan ng apoy
na lalamon sa mga kaaway. **28** Ang magpawalang halaga sa
kautusan ni Moises sa patotoo ng dalawa o tatlong saksi, ay
mamamatay na walang awa: **29** Gaano kayang higpit ng
parusa, sa akala ninyo, ang ihahatol na nauukol doon sa
yumurak sa Anak ng Dios, at umaring di banal sa dugo ng
tipan na nagpabanal sa kaniya, at umalipusta sa Espiritu
ng biyaya? **30** Sapagka't ating nakikilala yaong nagsabi,
Akin ang paghihiganti, ako ang gaganti. At muli, Huhukuman
ng Panginoon ang kaniyang bayan. **31** Kakilakilabot na
bagay ang mahulog sa mga kamay ng Dios na buhay. **32**
Datapuwa't alalahanin ang mga nakaraang araw, na sa mga
yaon, pagkatapos na kayo'y maliwanagan, ay nangagtiis
kayo ng malaking pakikilaban ng mga pagbabata; **33** Na una
una ay naging isang katawatawa dahil sa mga pagkasiphayo
at gayon din sa mga kahirapan; at sa ikalawa, ay naging
kasama niyaong mga inaring gayon. **34** Sapagka't kayo'y
nangahabag sa mga may tanikala, at tinanggap ninyo ng
buong galak ang pagkaagaw ng inyong pag-aari, palibhasa'y
inyong nalalamang mayroon kayo sa inyong sarili ng isang
pag-aaring lalong mabuti at tumatagal. **35** Huwag nga
ninyong itakuwil ang inyong pagkakatiwala, na may dakilang
ganting-pala. **36** Sapagka't kayo'y nangangailangan ng
pagtitiis, upang kung inyong magawa ang kalooban ng
Dios, ay magsitanggap kayo ng pangako. **37** Sapagka't sa
madaling panahon, Siyang pumaparito ay darating, at hindi

magluluwat. 38 Nguni't ang aking lingkod na matuwid ay
mabubuhay sa pananampalataya: At kung siya ay umurong,
ay hindi kalulugdan ng aking kaluluwa. 39 Nguni't tayo'y hindi
doon sa mga nagsisibalik sa kapahamakan; kundi doon sa
mga may pananampalataya sa ikaliligtas ng kaluluwa.

**11** Ngayon, ang pananampalataya ay siyang kapanatagan
sa mga bagay na hinihintay, ang katunayan ng mga
bagay na hindi nakikita. 2 Sapagka't sa pamamagitan nito
ang mga matanda ay sinaksihan. 3 Sa pananampalataya
ay natatalastas natin na ang sanglibutan ay natatag sa
pamamagitan ng salita ng Dios, ano pa't ang nakikita ay
hindi ginawa sa mga bagay na nakikita. (aiōn g165) 4 Sa
pananampalataya si Abel ay naghandog sa Dios ng lalong
mabuting hain kay sa kay Cain, sa pamamagitan nito'y
sinaksihan sa kaniyang siya'y matuwid, na nagpapatotoo ang
Dios tungkol sa kaniyang mga kaloob: at sa pamamagitan nito
patay na siya ay nagsasalita pa. 5 Sa pananampalataya si
Enoc ay inilipat upang huwag niyang makita ang kamatayan;
at hindi siya nasumpungan, sapagka't siya'y inilipat ng Dios:
sapagka't bago siya inilipat ay pinatotohanan sa kaniyang
siya'y naging kalugodlugod sa Dios: 6 At kung walang
pananampalataya ay hindi maaaring maging kalugodlugod
sa kaniya; sapagka't ang lumalapit sa Dios ay dapat
sumampalatayang may Dios, at siya ang tagapagbigay ganti
sa mga sa kaniya'y nagsisihanap. 7 Sa pananampalataya si
Noe, nang paunawaan ng Dios tungkol sa mga bagay na
hindi pa nakikita, dala ng banal na takot, ay naghanda ng
isang daong sa ikaliligtas ng kaniyang sangbahayan; na sa
pamamagitan nito ay hinatulan niya ang sanglibutan, at naging
tagapagmana ng katuwiran na ayon sa pananampalataya.
8 Sa pananampalataya si Abraham, nang tawagin, ay
tumalima upang pumaroon sa isang dakong kaniyang
tatanggaping mana; at siya'y yumaon na di nalalaman kung
saan siya paroroon. 9 Sa pananampalataya siya'y naging
manglalakbay sa lupang pangako, na gaya sa hindi niya
sariling lupa, at tumahan sa mga tolda na kasama si Isaac
at si Jacob, na mga tagapagmana ng isang pangako na
kasama niya: 10 Sapagka't inaasahan niya ang bayang may
mga kinasasaligan, na ang nagtayo at gumawa ay ang Dios.
11 Sa pananampalataya si Sara rin ay tumanggap ng lakas
upang ipaglihi ang binhi, nang lipas na ang kaniyang gulang,
palibhasa'y inari niyang tapat ang nangako: 12 Kaya naman
sumibol sa isa, sa kaniya na tila patay na, ang kasing dami
ng mga bituin sa langit sa karamihan, at di mabilang na
gaya ng mga buhanging nasa tabi ng dagat. 13 Ayon sa
pananampalataya ay nangamatay ang lahat ng mga ito, na
hindi kinamtan ang mga pangako, nguni't kanilang nangakita
na natanaw mula sa malayo, at kanilang ipinahayag na sila'y
pawang taga ibang bayan at manglalakbay sa ibabaw ng
lupa. 14 Sapagka't ang mga nagsisipagsabi ng mga gayong
bagay ay nagpapakilalang hinahanap nila ang lupaing
kanilang sarili. 15 At katotohanang kung kanilang naalaala
yaong lupaing kanilang pinanggalingan, ay nagkaroon sana
sila ng mabuting pagkakataon upang bumalik. 16 Nguni't
ngayon ay nagnanasa sila ng lalong magaling na lupain, sa
makatuwid baga'y ang sa langit: kaya hindi sila ikinahihiya ng
Dios na tawaging Dios nila; sapagka't kaniyang ipinaghanda
sila ng isang bayan. 17 Sa pananampalataya, nang subukin
si Abraham, ay inihandog si Isaac: oo, siyang tumanggap
na may galak ng mga pangako ay siyang naghandog sa
kaniyang bugtong na anak; 18 Sa makatuwid baga'y yaong
pinagsabihan, Kay Isaac ay tatawagin ang iyong binhi: 19 Na
inisip na maging sa gitna ng mga patay ay maaaring buhayin
siyang maguli ng Dios; mula diyan din naman ay muli siyang
tinanggap sa isang halimbawa. 20 Sa pananampalataya'y
binasbasan ni Isaac si Jacob at si Esau, tungkol sa mga
bagay na darating. 21 Sa pananampalataya, si Jacob ng
mamatay na ay binasbasan niya ang bawa't isa sa mga anak
ni Jose; at sumambang nakatangan sa puno ng kaniyang
tungkod. 22 Sa pananampalataya, nang malapit nang
mamatay si Jose, ay binanggit niya ang pagalis sa Egipto ng
mga anak ni Israel; at nagutos tungkol sa kaniyang mga
buto. 23 Sa pananampalataya, nang ipanganak si Moises,
ay itinagong tatlong buwan ng kaniyang mga magulang,
sapagka't kanilang nakitang maganda ang bata; at hindi
sila natakot sa utos ng hari. 24 Sa pananampalataya, nang
lumaki na si Moises, ay tumangging siya'y tawaging anak
ng anak na babae ni Faraon; 25 Na pinili pa ang siya'y
tampalasanin na kasama ng bayan ng Dios, kay sa magtamo
ng nagsisikupas na kaligayahan sa pagkakasala; 26 Na
inaring malaking kayamanan ang kadustaan ni Cristo, kay sa
mga kayamanan ng Egipto: sapagka't ang kaniyang tinititigan
ay ang gantingpalang kabayaran. 27 Sa pananampalataya'y
iniwan niya ang Egipto, na hindi natakot sa poot ng hari:
sapagka't nagtitiyagang tulad sa nakakita niyaong di nakikita.
28 Sa pananampalataya'y itinatag niya ang paskua, at
ang pagwiwisik ng dugo, upang ang manglilipol sa mga
panganay ay huwag silang lipulin. 29 Sa pananampalataya'y
nagsipagdaan sila sa gitna ng Dagat na Mapula na gaya ng
sa lupang tuyo: na nang subuking gawin ito ng mga taga
Egipto ay pawang nangalunod. 30 Sa pananampalataya'y
nangalagpak ang mga kuta ng Jerico, pagkatapos na
makubkob na pitong araw. 31 Sa pananampalataya'y hindi
napahamak na kasama ng mga manunuway, ang patutot
na si Rahab, na tumanggap na payapa sa mga tiktik. 32
At ano pa ang aking sasabihin? sapagka't kukulangin ako
ng panahon kung sasaysayin ko ang tungkol kay Gideon,
kay Barac, kay Samson, kay Jefte; tungkol kay David, at

kay Samuel at sa mga propeta: 33 Na ang mga ito, sa
pamamagitan ng pananampalataya'y nagsilupig ng mga
kaharian, nagsigawa ng katuwiran, nangagtamo ng mga
pangako, nangagtikom ng mga bibig ng mga leon, 34
Nagsipatay ng bisa ng apoy, nangakatanan sa talim ng tabak,
nagsilakas sa kahinaan, naging mga makapangyarihan
sa pakikipagbaka, nangagpaurong ng mga hukbong taga
ibang lupa. 35 Tinanggap ng mga babae ang kanilang
mga patay sa pamamagitan ng pagkabuhay na maguli: at
ang iba'y nangamatay sa hampas, na hindi tinanggap ang
kanilang katubusan; upang kamtin nila ang lalong mabuting
pagkabuhay na maguli: 36 At ang iba'y nangagkaroon ng
pagsubok sa pagkalibak at pagkahampas, oo, bukod dito'y
sa mga tanikala at bilangguan naman: 37 Sila'y pinagbabato,
pinaglagari, pinagtutukso, pinagpapatay sa tabak: sila'y
nagsilakad na paroo't parito na may balat ng mga tupa't
kambing: na mga salat, nangapipighati, tinatampalasan; 38
(Na sa mga yaon ay hindi karapatdapat ang sanglibutan),
na nangaliligaw sa mga ilang at sa mga kabundukan at sa
mga yungib, at sa mga lungga ng lupa. 39 At ang lahat ng
mga ito, nang sila'y mapatotohanan na dahil sa kanilang
pananampalataya, ay hindi kinamtan ang pangako, 40 Na
ipinaghanda ng Dios ng lalong mabuting bagay tungkol sa
atin, upang sila'y huwag maging sakdal ng bukod sa atin.

**12** Kaya't yamang nakukubkob tayo ng makapal na bilang
ng mga saksi, itabi namang walang liwag ang bawa't
pasan, at ang pagkakasalang pumipigil sa atin, at ating
takbuhing may pagtitiis ang takbuhing inilagay sa harapan
natin, 2 Na masdan natin si Jesus na gumawa at sumakdal
ng ating pananampalataya, na siya dahil sa kagalakang
inilagay sa harapan niya ay nagtiis ng krus, na niwalang
bahala ang kahihiyan, at umupo sa kanan ng luklukan ng
Dios. 3 Sapagka't dilidilihin ninyo yaong nagtiis ng gayong
pagsalangsang ng mga makasalanan laban sa kaniyang
sarili, upang kayo'y huwag magsihina, na manglupaypay
sa inyong mga kaluluwa. 4 Hindi pa kayo nakikipaglaban
hanggang sa mabubo ang dugo, na nakikipagaway laban sa
kasalanan: 5 At inyong nilimot ang iniaral na ipinakikipagtalo
sa inyong tulad sa mga anak, Anak ko, huwag mong waling
bahala ang parusa ng Panginoon, O manglupaypay man
kung ikaw ay pinagwiwikaan niya; 6 Sapagka't pinarurusahan
ng Panginoon ang kaniyang iniibig, At hinahampas ang
bawa't tinatanggap na anak. 7 Na dahil sa ito'y parusa kayo'y
nagtitiis; inaari kayo ng Dios na tulad sa mga anak; sapagka't
alin ngang anak ang hindi pinarurusahan ng kaniyang ama?
8 Datapuwa't kung kayo'y hindi pinarurusahan, na pawang
naranasan ng lahat, kung gayo'y mga anak sa ligaw kayo, at
hindi tunay na anak. 9 Bukod dito, tayo'y nangagkaroon ng
mga ama ng ating laman upang tayo'y parusahan, at sila'y
ating iginagalang: hindi baga lalong tayo'y pasasakop sa
Ama ng mga espiritu, at tayo'y mabubuhay? 10 Sapagka't
katotohanang tayo'y pinarusahan nilang ilang araw ayon sa
kanilang minagaling; nguni't siya'y sa kapakinabangan natin,
upang tayo'y makabahagi ng kaniyang kabanalan. 11 Lahat
ng parusa sa ngayon ay tila man din hindi ikaliligaya kundi
ikalulungkot; gayon ma'y pagkatapos ay namumunga ng
bungang mapayapa ng katuwiran sa mga nagsipagsanay sa
pamamagitan nito. 12 Kaya't itaas ninyo ang mga kamay
na nakababa, ang mga tuhod namang nanginginig; 13 At
magsigawa kayo ng matuwid na landas sa inyong mga paa,
upang huwag maligaw ang pilay, kundi bagkus gumaling.
14 Sundin ninyo ang kapayapaan sa lahat ng mga tao, at
ang pagpapakabanal na kung wala ito'y sinoman ay di
makakakita sa Panginoon: 15 Na pakaingatan na baka
ang sinoma'y di makaabot sa biyaya ng Dios; baka kayo'y
bagabagin ng anomang ugat ng kapaitan na sumisibol, at
dahil dito'y mahawa ang marami; 16 Baka magkaroon ng
sinomang mapakiapid, o mapaglapastangan, gaya ni Esau,
na sa isang pinggang pagkain ay ipinagbili ang kaniyang
sariling pagkapanganay. 17 Sapagka't nalalaman ninyo
na bagama't pagkatapos ay ninanasa niyang magmana
ng pagpapala, siya'y itinakuwil; sapagka't wala na siyang
nasumpungang pagkakataon ng pagsisisi sa kaniyang ama,
bagama't pinagsisikapan niyang mapilit na lumuluha. 18
Sapagka't hindi kayo nagsilapit sa bundok na nahihipo, at
nagliliyab sa apoy, at sa kapusikitan, at sa kadiliman, at
sa unos, 19 At tunog ng pakakak, at tinig ng mga salita;
na ang nakarinig ng tinig na ito ay nagsipamanhik na
huwag nang sa kanila'y salitain pa ang anomang salita; 20
Sapagka't hindi matiis ang iniuutos, Kahit ang isang hayop
kung tumungtong sa bundok ay babatuhin; 21 At totoong
kakilakilabot ang napanood, ano pa't sinabi ni Moises, Ako'y
totoong nasisindak at nanginginig: 22 Datapuwa't nagsilapit
kayo sa bundok ng Sion, at sa bayan ng Dios na buhay, ang
Jerusalem sa kalangitan, at sa mga di mabilang na hukbo ng
mga anghel, 23 Sa pangkalahatang pulong at iglesia ng mga
panganay na nangatatala sa langit, at sa Dios na Hukom ng
lahat, at mga espiritu ng mga taong ganap na pinasakdal, 24
At kay Jesus na tagapamagitan ng bagong tipan, at dugong
pangwisik na nagsasalita ng lalong mabuti kay sa dugo
ni Abel. 25 Pagingatan ninyong kayo'y huwag tumanggi
sa nagsasalita. Sapagka't kung hindi nakatanan ang mga
nagsitanggi sa nagbalita sa kanila sa ibabaw ng lupa, ay
lalo pa tayong hindi makatatanan na nagsisihiwalay Doon
sa nagbabalitang buhat sa langit: 26 Na ang tinig na yaon
ay nagpayanig noon ng lupa: datapuwa't ngayo'y nangako
siya, na nagsasabi, Minsan pang yayanigin ko, hindi lamang
ang lupa, kundi pati ng langit. 27 At itong salita, Minsan

pang, ay pinakakahuluganan ang pagaalis niyaong mga
bagay na niyanig, gaya ng mga bagay na ginawa, upang
mamalagi ang mga hindi niyanig. 28 Kaya't pagkatanggap
ng isang kahariang hindi magagalaw, ay magkaroon tayo ng
biyayang sa pamamagitan nito ay makapaghahandog tayong
may paggalang at katakutan ng paglilingkod na nakalulugod
sa Dios: 29 Sapagka't ang Dios natin ay isang apoy na
mamumugnaw.

**13** Mamalagi nawa ang pagibig sa mga kapatid. 2 Huwag
ninyong limutin ang pagpapakita ng pagibig sa mga
taga ibang lupa: sapagka't sa pamamagitan nito ang iba'y
walang malay na nakapagpapatuloy ng mga anghel. 3
Alalahanin ninyo ang mga may tanikala, gaya ng kayo'y
nangagagapos na kasama nila; ang mga tinatampalasan
na gaya ng kayo naman ay tinatampalasan sa katawan. 4
Maging marangal nawa sa lahat ang pagaasawa, at huwag
nawang magkadungis ang higaan: sapagka't ang mga
mapakiapid at ang mga mapangalunya ay pawang hahatulan
ng Dios. 5 Mangilag kayo sa pagibig sa salapi; mangagkasiya
kayo sa inyong tinatangkilik: sapagka't siya rin ang nagsabi,
Sa anomang paraan ay hindi kita papagkukulangin, sa
anomang paraan ni hindi kita pababayaan. 6 Ano pa't ating
masasabi ng buong tapang, Ang Panginoon ang aking
katulong; hindi ako matatakot: Anong magagawa sa akin ng
tao? 7 Alalahanin ninyo ang nangagkaroon ng pagpupuno
sa inyo na siyang nangagsalita sa inyo ng salita ng Dios; at
sa pagdidilidili ng wakas ng kanilang pamumuhay, ay inyong
tularan ang kanilang pananampalataya. 8 Si Jesucristo ay
siya ring kahapon at ngayon, oo at magpakailan man. **(aiōn
g165)** 9 Huwag nga kayong padala sa mga turong sarisari
at di kilala: sapagka't mabuti na ang puso ay patibayin sa
pamamagitan ng biyaya; hindi sa pamamagitan ng mga
pagkain, na di pinakikinabangan ng mga nagabala sa kanila.
10 Tayo ay may isang dambana, na hindi matuwid kainan
ng mga nagsisipaglingkod sa tabernakulo. 11 Sapagka't
ang mga katawan ng mga hayop na ang mga dugo'y
dinadala ng dakilang saserdote sa dakong banal na handog
na patungkol sa kasalanan, ay sinusunog sa labas ng
kampamento. 12 Kaya naman si Jesus, upang mapaging
banal sa pamamagitan ng kanilang sariling dugo ang bayan,
ay nagbata sa labas ng pintuan. 13 Atin nga siyang labasin
sa labas ng kampamento na dalhin natin ang kaniyang
pagkadusta. 14 Sapagka't dito'y wala tayong bayan na
namamalagi, nguni't hinahanap natin ang bayan na darating.
15 Sa pamamagitan nga niya ay maghandog tayong palagi
ng hain ng pagpupuri sa Dios, sa makatuwid baga, ay
ng bunga ng mga labi na nagpapahayag ng kaniyang
pangalan. 16 Datapuwa't ang paggawa ng mabuti at ang
pagabuloy ay huwag ninyong kalimutan: sapagka't sa mga
gayong hain ang Dios ay totoong nalulugod. 17 Magsitalima
kayo sa namiminuno sa inyo, at kayo'y pasakop sa kanila:
sapagka't pawang nangagpupuyat dahil sa inyong mga
kaluluwa, na parang sila ang mangagsusulit; upang ito'y
gawin nilang may kagalakan, at huwag may hapis: sapagka't
sa ganito'y di ninyo mapapakinabangan. 18 Idalangin ninyo
kami: sapagka't kami'y naniniwalang lubos na kami ay may
mabuting budhi, na nagnanasang mabuhay na marangal sa
lahat ng mga bagay. 19 At iniaaral ko sa inyong malabis
na inyong gawin ito, upang ako'y masauli na lalong madali
sa inyo. 20 Ngayon ang Dios ng kapayapaan na muling
nagdala mula sa mga patay sa dakilang pastor ng mga tupa
sa pamamagitan ng dugo ng walang hanggang tipan, sa
makatuwid baga'y ang Panginoon nating si Jesus, **(aiōnios
g166)** 21 Ay pakasakdalin nawa niya kayo sa bawa't mabuting
gawa upang gawin ang kanyang kalooban, na gawin sa
atin ang nakalulugod sa paningin niya, sa pamamagitan
ni Jesucristo; na mapasa kaniya nawa ang kaluwalhatian
magpakailan man. Siya nawa. **(aiōn g165)** 22 Datapuwa't
ipinamamanhik ko sa inyo, mga kapatid, na inyong pagtiisan
ang salitang iniaral: sapagka't kayo'y sinulatan ko ng ilang
salita. 23 Inyong talastasin na ang ating kapatid na si Timoteo
ay pinawalan na; na kung siya'y dumating na madali, kayo'y
makikita kong kasama niya. 24 Batiin ninyo ang lahat ng
mga namiminuno sa inyo, at ang lahat ng mga banal. Kayo'y
binabati ng nangasa Italia. 25 Ang biyaya'y sumainyo nawang
lahat. Siya nawa.

# Santiago

1 Si Santiago, na alipin ng Dios at ng Panginoon
Jesucristo, ay bumabati sa labingdalawang angkan
na nasa Pangangalat. 2 Mga kapatid ko, ariin ninyong
buong kagalakan, kung kayo'y mangahulog sa sarisaring
tukso; 3 Yamang nalalaman na ang pagsubok sa inyong
pananampalataya ay gumagawa ng pagtitiis. 4 At inyong
pabayaan na ang pagtitiis ay magkaroon ng sakdal na gawa,
upang kayo'y maging sakdal at ganap, na walang anoman
kakulangan. 5 Nguni't kung nagkukulang ng karunungan
ang sinoman sa inyo, ay humingi sa Dios, na nagbibigay ng
sagana sa lahat at hindi nanunumbat; at ito'y ibibigay sa
kaniya. 6 Nguni't humingi siyang may pananampalataya,
na walang anomang pagaalinlangan: sapagka't yaong
nagaalinlangan ay katulad ng isang alon ng dagat na
itinutulak ng hangin at ipinapadpad sa magkabikabila. 7
Sapagka't huwag isipin ng taong yaon na siya'y tatanggap ng
anoman bagay sa Panginoon; 8 Ang taong may dalawang
akala, ay walang tiyaga sa lahat ng kaniyang mga paglakad.
9 Datapuwa't ang kapatid na mababang kapalaran ay
magmapuri sa kaniyang mataas na kalagayan: 10 At ang
mayaman, dahil sa siya'y pinababa: sapagka't siya'y lilipas
na gaya ng bulaklak ng damo. 11 Sapagka't sumisikat ang
araw na may hanging nakakasunog, at naluluoy ang damo;
at nangalalagas ang bulaklak nito, at nawawala ang karikitan
ng kaniyang anyo: gayon din naman ang taong mayaman na
malalanta sa lahat ng kaniyang mga paglakad. 12 Mapalad
ang taong nagtitiis ng tukso; sapagka't pagkasubok sa
kaniya, siya'y tatanggap ng putong ng buhay, na ipinangako
ng Panginoon sa mga nagsisiibig sa kaniya. 13 Huwag
sabihin ng sinoman pagka siya'y tinutukso, Ako'y tinutukso ng
Dios; sapagka't ang Dios ay hindi matutukso sa masamang
bagay, at hindi rin naman siya nanunukso sa kanino man: 14
Kundi ang bawa't tao ay natutukso, pagka nahihila ng sariling
masamang pita at nahihikayat. 15 Kung magkagayo'y ang
kahalayan, kung maipaglihi ay nanganganak ng kasalanan:
at ang kasalanan, pagka malaki na ay namumunga ng
kamatayan. 16 Huwag kayong padaya, mga minamahal
kong kapatid. 17 Ang bawa't mabuting kaloob at ang bawa't
sakdal na kaloob ay pawang buhat sa itaas, na bumababa
mula sa Ama ng mga ilaw, na walang pagbabago, ni kahit
anino man ng pagiiba. 18 Sa kaniyang sariling kalooban
ay kaniya tayong ipinanganak sa pamamagitan ng salita
ng katotohanan, upang tayo'y maging isang uri ng mga
pangunahing bunga ng kaniyang mga nilalang. 19 Nalalaman
ninyo ito, minamahal kong mga kapatid. Nguni't magmaliksi
ang bawa't tao sa pakikinig, magmakupad sa pananalita,
magmakupad sa pagkagalit; 20 Sapagka't ang galit ng
tao ay hindi gumagawa ng katuwiran ng Dios. 21 Kaya't
ihiwalay ninyo ang lahat na karumihan at ang pagapaw ng
kasamaan, at tanggapin ninyo na may kaamuan ang salitang
itinanim, na makapagliligtas ng inyong mga kaluluwa. 22
Datapuwa't maging tagatupad kayo ng salita, at huwag
tagapakinig lamang, na inyong dinadaya ang inyong sarili.
23 Sapagka't kung ang sinoman ay tagapakinig ng salita at
hindi tagatupad, ay katulad siya ng isang tao na tinitingnan
ang kaniyang talagang mukha sa salamin: 24 Sapagka't
minamasdan niya ang kaniyang sarili, at siya'y umaalis at
pagdaka'y kaniyang nalilimutan kung ano siya. 25 Nguni't
ang nagsisiyasat ng sakdal na kautusan, ang kautusan ng
kalayaan, at nananatiling gayon, na hindi tagapakinig na
lumilimot, kundi tagatupad na gumagawa, ay pagpapalain
ang taong ito sa kaniyang ginagawa. 26 Kung ang sinoman
ay nagiisip na siya'y relihioso samantalang hindi pinipigil
ang kaniyang dila, kundi dinadaya ang kaniyang puso, ang
relihion ng taong ito ay walang kabuluhan. 27 Ang dalisay
na relihion at walang dungis sa harapan ng ating Dios at
Ama ay ito, dalawin ang mga ulila at mga babaing bao sa
kanilang kapighatian, at pagingatang walang dungis ang
kaniyang sarili sa sanglibutan.

2 Mga kapatid ko, yayamang mayroon kayong
pananampalataya ng ating Panginoong Jesucristo, na
Panginoon ng kaluwalhatian ay huwag magtatangi sa mga
tao. 2 Sapagka't kung may pumapasok sa inyong sinagoga
ang isang tao na may singsing na ginto, at may magandang
kasuotan, at may pumapasok namang isang dukha na
may damit na hamak; 3 At inyong itangi ang may suot na
damit na maganda, at inyong sabihin, Maupo ka rito sa
dakong mabuti; at sa dukha ay inyong sabihin, Tumayo
ka riyan, o maupo ka sa ibaba ng aking tungtungan; 4
Hindi baga kayo'y nagtatangi sa inyong sarili, at nagiging
mga hukom na may masasamang pagiisip? 5 Dinggin
ninyo, mga minamahal kong kapatid; hindi baga pinili ng
Dios ang mga dukha sa sanglibutang ito upang maging
mayayaman sa pananampalataya, at mga tagapagmana ng
kahariang ipinangako niya sa mga nagsisiibig sa kaniya? 6
Nguni't inyong niwalang-puri ang dukha. Hindi baga kayo'y
pinahihirapan ng mayayaman, at sila rin ang kumakaladkad
sa inyo sa harapan ng mga hukuman? 7 Hindi baga
nilalapastangan nila yaong marangal na pangalan na sa
inyo'y itinatawag? 8 Gayon man kung inyong ganapin ang
kautusang hari, ayon sa kasulatan, Iibigin mo ang iyong
kapuwa na gaya ng sa iyong sarili, ay nagsisigawa kayo ng
mabuti: 9 Datapuwa't kung kayo'y nagtatangi ng mga tao, ay
nangagkakasala kayo, at kayo'y hinahatulan ng kautusan na
gaya ng mga suwail. 10 Sapagka't ang sinomang gumaganap
ng buong kautusan, at gayon ma'y natitisod sa isa, ay

nagiging makasalanan sa lahat. 11 Sapagka't ang nagsabi,
Huwag kang mangalunya, ay nagsabi, naman, Huwag kang
pumatay. Ngayon, kung ikaw ay hindi nangangalunya, nguni't
pumapatay ka, ay nagiging suwail ka sa kautusan. 12
Gayon ang inyong salitain, at gayon ang inyong gawin,
na gaya ng mga taong huhukuman sa pamamagitan ng
kautusan ng kalayaan. 13 Sapagka't ang paghuhukom
ay walang awa doon sa hindi nagpakita ng awa: ang
awa ay lumuluwalhati laban sa paghuhukom. 14 Anong
pakikinabangin, mga kapatid ko, kung sinasabi ng sinoman
na siya'y may pananampalataya, nguni't walang mga gawa?
makapagliligtas baga sa kaniya ang pananampalatayang
iyan? 15 Kung ang isang kapatid na lalake o babae ay
hubad at walang kakanin araw-araw, 16 At ang isa sa inyo
ay magsabi sa kanila, Magsiyaon kayong payapa, kayo'y
mangagpainit at mangagpakabusog; at gayon ma'y hindi
ninyo ibinibigay sa kanila ang mga bagay na kinakailangan
ng katawan; anong mapapakinabang dito? 17 Gayon din
naman ang pananampalataya na walang mga gawa, ay
patay sa kaniyang sarili. 18 Oo, sasabihin ng isang tao, Ikaw
ay mayroong pananampalataya, at ako'y mayroong mga
gawa: ipakita mo sa akin ang iyong pananampalatayang
hiwalay sa mga gawa, at ako sa pamamagitan ng aking mga
gawa ay ipakita sa iyo ang aking pananampalataya. 19 Ikaw
ay sumasampalataya na ang Dios ay iisa; mabuti ang iyong
ginagawa: ang mga demonio man ay nagsisisampalataya, at
nagsisipanginig. 20 Datapuwa't ibig mo bagang maalaman,
Oh taong walang kabuluhan, na ang pananampalataya
na walang mga gawa ay baog? 21 Hindi baga ang ating
amang si Abraham ay inaring ganap sa pamamagitan ng
mga gawa, dahil sa kaniyang inihain si Isaac na kaniyang
anak sa ibabaw ng dambana? 22 Nakikita mo na ang
pananampalataya ay gumagawang kalakip ng kaniyang mga
gawa, at sa pamamagitan ng mga gawa ay naging sakdal
ang pananampalataya; 23 At natupad ang kasulatan na
nagsasabi, At si Abraham ay sumampalataya sa Dios, at
yao'y ibinilang na katuwiran sa kaniya; at siya'y tinawag na
kaibigan ng Dios. 24 Nakikita ninyo na sa pamamagitan ng
mga gawa'y inaaring ganap ang tao, at hindi sa pamamagitan
ng pananampalataya lamang. 25 At gayon din naman
hindi rin baga si Rahab na patutot ay inaring ganap sa
pamamagitan ng mga gawa, dahil sa tinanggap niya ang
mga sugo, at kaniyang pinapagdaan sila sa ibang daan? 26
Sapagka't kung paanong ang katawan na walang espiritu ay
patay, ay gayon din ang pananampalataya na walang mga
gawa ay patay.

**3** Huwag maging guro ang marami sa inyo, mga kapatid ko,
yamang nalalamang tayo'y tatanggap ng lalong mabigat
na hatol. 2 Sapagka't sa maraming mga bagay tayong
lahat ay nangatitisod. Kung ang sinoman ay hindi natitisod
sa salita, ay isang taong sakdal ang gayon, may kaya rin
namang makapigil ng buong katawan. 3 Kung atin ngang
inilalagay ang mga preno ng kabayo sa kanilang mga bibig,
upang tayo'y talimahin, ay ibinabaling din naman natin ang
kanilang buong katawan. 4 Narito, ang mga daong naman,
bagama't lubhang malalaki at itinutulak ng malalakas na
hangin, gayon ma'y sa pamamagitan ng isang lubhang
maliit na ugit ay napapabaling kung saan ibig ng tagaugit.
5 Gayon din naman ang dila ay isang maliit na sangkap,
at nagpapalalo ng malalaking bagay. Narito, kung gaano
kalaking gubat ang pinagaalab ng lubhang maliit na apoy! 6
At ang dila'y isang apoy: ang sanglibutan ng kasamaan sa
ating mga sangkap ay dili iba't ang dila, na nakakahawa sa
buong katawan, at pinagningas ang gulong ng katalagahan,
at ang dila'y pinagniningas ng impierno. **(Geenna g1067)** 7
Sapagka't ang bawa't uri ng mga hayop at mga ibon, ng
mga nagsisiusad at mga bagay sa dagat, ay pinaaamo, at
napaaamo ng tao: 8 Datapuwa't ang dila ay hindi napaaamo
ng sinomang tao; isang masamang hindi nagpapahinga, na
puno ng lasong nakamamatay. 9 Siyang ating ipinagpupuri
sa Panginoon at Ama; at siyang ating ipinanglalait sa mga
taong ginawang ayon sa larawan ng Dios: 10 Sa bibig din
lumalabas ang pagpuri't paglait. Mga kapatid ko, ang mga
bagay na ito ay hindi nararapat magkagayon. 11 Ang bukal
baga'y sa isa lamang siwang ay binubukalan ng matamis
at mapait? 12 Maaari baga, mga kapatid ko, na ang puno
ng igos ay magbunga ng aseitunas, o ng mga igos ang
puno ng ubas? hindi rin naman babalungan ng matamis
ang maalat na tubig. 13 Sino ang marunong at matalino sa
inyo? ipakita niya sa pamamagitan ng mabuting kabuhayan
ang kaniyang mga gawa sa kaamuan ng karunungan. 14
Nguni't kung kayo'y mayroong mapapait na paninibugho
at pagkakampikampi sa inyong puso, ay huwag ninyong
ipagmapuri at huwag magsinungaling laban sa katotohanan.
15 Hindi ito ang karunungang bumababa mula sa itaas, kundi
ang nauukol sa lupa, sa laman, sa diablo. 16 Sapagka't
kung saan mayroong paninibugho at pagkakampikampi, ay
doon mayroong kaguluhan at lahat ng gawang masama.
17 Nguni't ang karunungang buhat sa itaas, ay una-una'y
malinis saka mapayapa, banayad, madaling panaingan,
puspos ng kaawaan at ng mabubuting bunga, walang
inaayunan, walang pagpapaimbabaw. 18 At ang bunga ng
katuwiran ay natatanim sa kapayapaan sa mga nagsisigawa
ng kapayapaan.

**4** Saan nagbubuhat ang mga pagbabaka at saan
nagbubuhat ang mga pagaaway sa inyo? hindi baga
nagbubuhat dito, sa inyong mga kalayawan na bumabaka sa
inyong mga sangkap? 2 Kayo'y nangagiimbot, at kayo'y wala:

kayo'y nagsisipatay, at kayo'y nangaiinggit, at hindi maaaring
kamtan: kayo'y nangakikipagaway at nangakikipagbaka;
kayo'y wala, sapagka't hindi kayo nagsisihingi. 3 Kayo'y
nagsisihingi, at hindi kayo nagsisitanggap, sapagka't
nagsisihingi kayo ng masama, upang gugulin sa inyong
mga kalayawan. 4 Kayong mga mangangalunya, hindi baga
ninyo nalalaman na ang pakikipagkaibigan sa sanglibutan
ay pakikipagaway sa Dios? Sinoman ngang magibig na
maging kaibigan ng sanglibutan ay nagiging kaaway ng
Dios. 5 O iniisip baga ninyo na ang kasulatan ay nagsasalita
ng walang kabuluhan? Ang Espiritu baga na pinatira sa
atin ay nagnanais hanggang sa kapanaghilian? 6 Nguni't
siya'y nagbibigay ng lalong biyaya. Kaya't sinasabi ng
kasulatan, Ang Dios ay sumasalansang sa mga palalo,
datapuwa't nagbibigay ng biyaya sa mga mapagpakumbaba.
7 Pasakop nga kayo sa Dios; datapuwa't magsisalangsang
kayo sa diablo, at tatakas siya sa inyo. 8 Magsilapit kayo sa
Dios, at siya'y lalapit sa inyo. Mangaglinis kayo ng inyong
mga kamay, kayong mga makasalanan; at dalisayin ninyo
ang inyong mga puso, kayong mga may dalawang akala.
9 Kayo'y mangagpighati, at magsihibik, at magsitangis:
inyong palitan ang inyong pagtawa ng paghibik, at ang
inyong kagalakan ng kalumbayan. 10 Mangagpakababa
kayo sa paningin ng Panginoon, at kaniyang itataas kayo.
11 Huwag kayong mangagsalita ng laban sa isa't isa, mga
kapatid. Ang nagsasalita laban sa kapatid, o humahatol
sa kaniyang kapatid, ay nagsasalita laban sa kautusan, at
humahatol sa kautusan: datapuwa't kung ikaw ay humahatol
sa kautusan, hindi ka na tagatupad ng kautusan, kundi
hukom. 12 Iisa ang tagapagbigay ng kautusan at hukom, sa
makatuwid baga'y ang makapagliligtas at makapagwawasak:
datapuwa't sino ka na humahatol sa iyong kapuwa? 13
Magsiparito ngayon, kayong nagsisipagsabi, Ngayon o
bukas ay magsisiparoon kami sa gayong bayan, at titira
kami doong isang taon, at mangangalakal, at magtutubo: 14
Kayo ngang hindi nakaaalam ng mangyayari bukas. Ano ang
inyong buhay? Kayo nga'y isang singaw na sa sangdaling
panahon ay lumilitaw, at pagdaka'y napapawi. 15 Sapagka't
ang dapat ninyong sabihin ay, Kung loloobin ng Panginoon
ay mangabubuhay kami, at gagawin namin ito o yaon.
16 Datapuwa't ngayon ay nagmamapuri kayo sa inyong
mga pagpapalalo: ang lahat ng ganitong pagmamapuri ay
masama. 17 Sa nakakaalam nga ng paggawa ng mabuti, at
hindi ginagawa, ito'y kasalanan sa kaniya.

**5** Magsiparito ngayon, kayong mayayaman, kayo'y
magsitangis at magsihagulhol dahil sa mga karalitaan
ninyong sa inyo'y darating. 2 Ang inyong mga kayamanan
ay mga bulok, at ang inyong mga damit ay nginangatngat
ng tanga. 3 Ang inyong ginto at ang inyong pilak ay
kinakalawang na; at ang mga kalawang na ito ay siyang
magiging patotoo laban sa inyo, at gaya ng apoy na
lalamunin ang inyong laman. Kayo'y nagtipon ng inyong mga
kayamanan sa mga huling araw. 4 Narito, ang kaupahan
ng mga manggagawa na nagsiani sa inyong mga bukid,
na iniring ninyo sa pamamagitan ng daya, ay humihibik:
at ang mga hibik ng mga nagsiani ay nagsipasok sa mga
pakinig ng Panginoon ng mga hukbo. 5 Kayo'y nangabuhay
ng tamasa sa ibabaw ng lupa, at nangagalak; inyong
pinataba ang inyong mga puso sa araw ng patayan. 6
Inyong hinatulan, inyong pinatay ang matuwid; hindi niya
kayo nilalabanan. 7 Mangagtiis nga kayo, mga kapatid,
hanggang sa pagparito ng Panginoon. Narito, inaasahan
ng magsasaka ang mahalagang bunga ng lupa, na may
pagtitiis, hanggang sa tanggapin ang ulang maaga at huli. 8
Mangagtiis din naman kayo; pagtibayin ninyo ang inyong
mga puso, sapagka't ang pagparito ng Panginoon ay malapit
na. 9 Huwag kayong mangagupasalaan, mga kapatid,
laban sa isa't isa, upang kayo'y huwag mahatulan; narito,
ang hukom ay nakatayo sa harapan ng mga pinto. 10
Kunan ninyong halimbawa ng pagbabata at ng pagtitiis, mga
kapatid, ang mga propeta na nagsipagsalita sa pangalan
ng Panginoon. 11 Narito, tinatawag nating mapapalad ang
nangagtiis: inyong nabalitaan ang pagtitiis ni Job, at inyong
nakita ang pinapangyari ng Panginoon, kung gaano ang
lubos na pagkahabag at ang pagkamaawain ng Panginoon.
12 Nguni't higit sa lahat ng mga bagay, mga kapatid ko, ay
huwag ninyong ipanumpa, kahit ang langit, ni ang lupa,
ni ang anomang ibang sumpa: kundi ang inyong oo, ay
maging oo; at ang inyong hindi, ay maging hindi; upang
kayo'y huwag mangahulog sa ilalim ng hatol. 13 Nagbabata
baga ang sinoman sa inyo? siya'y manalangin. Natutuwa
ang sinoman? awitin niya ang mga pagpupuri. 14 May sakit
baga ang sinoman sa inyo? ipatawag niya ang mga matanda
sa iglesia; at ipanalangin nila siya, na pahiran nila ng
langis sa pangalan ng Panginoon: 15 At ang panalangin ng
pananampalataya ay magliligtas sa may sakit, at ibabangon
siya ng Panginoon; at kung nagkasala siya, ay ipatatawad sa
kaniya. 16 Mangagpahayagan nga kayo sa isa't isa ng inyong
mga kasalanan, at ipanalangin ng isa't isa ang iba, upang
kayo'y magsigaling. Malaki ang nagagawa ng maningas na
panalangin ng taong matuwid. 17 Si Elias ay isang taong
may pagkataong gaya rin ng atin, at siya'y nanalangin ng
buong ningas upang huwag umulan; at hindi umulan sa
lupa sa loob ng tatlong taon at anim na buwan. 18 At muli
siyang nanalangin; at ang langit ay nagbigay ng ulan, at ang
lupa ay namunga ng kaniyang bunga. 19 Mga kapatid ko,
kung ang sinoman sa inyo ay nalilihis sa katotohanan, at
siya'y papagbaliking loob ng sinoman; 20 Ay alamin nito

na ang nagpapabalik-loob ng isang makasalanan, mula sa kamalian ng lakad niya ay magliligtas ng isang kaluluwa sa kamatayan, at magtatakip ng karamihang kasalanan.

# 1 Pedro

1 Si Pedro, na apostol ni Jesucristo, sa mga hinirang na
nangingibang bayan na nasa Pangangalat sa Ponto,
Galacia, Capadocia, Asia at Bitinia, 2 Ayon sa paunang
kaalaman ng Dios Ama, sa pagpapabanal ng Espiritu, upang
magsitalima at mangawisikan ng dugo ni Jesucristo: Biyaya
at kapayapaan nawa ang sa inyo'y sumagana. 3 Purihin nawa
ang Dios at Ama ng ating Panginoong Jesucristo, na ayon sa
kaniyang malaking awa ay ipinanganak na muli tayo sa isang
buhay na pagasa sa pamamagitan ng pagkabuhay na maguli
ni Jesucristo sa mga patay, 4 Sa isang manang di nasisira, at
walang dungis, at hindi kumukupas, na inilaan sa langit para
sa inyo, 5 Na sa kapangyarihan ng Dios ay iniingatan sa
pamamagitan ng pananampalataya sa ikaliligtas na nahanda
upang ihayag sa huling panahon. 6 Na ito ang inyong totoong
ikinagagalak, bagama't ngayo'y sa sangdaling panahon, kung
kailangan, ay pinalumbay kayo sa muli't muling pagsubok,
7 Upang ang pagsubok sa inyong pananampalataya na
lalong mahalaga kay sa ginto na nasisira bagama't ito'y
sinusubok sa pamamagitan ng apoy, ay masumpungan sa
ikapupuri at ikaluluwalhati at ikararangal sa pagpapakahayag
ni Jesucristo: 8 Na hindi ninyo nakita ay inyong iniibig;
na bagama't ngayon ay hindi ninyo siya nakikita, gayon
ma'y inyong sinasampalatayanan, na kayo'y nangagagalak
na totoo na may galak na di masayod at puspos ng
kaluwalhatian: 9 Na inyong tinatanggap ang layunin ng
inyong pananampalataya, ang pagkaligtas ng inyong mga
kaluluwa. 10 Tungkol sa pagkaligtas na ito ay nagsikap at
nagsiyasat na maigi ang mga propeta, na nangagsihula
tungkol sa biyayang dadating sa inyo: 11 Na sinisiyasat ang
kahulugan kung ano at kailang panahon itinuro ng Espiritu
ni Cristo na sumasa kanila, nang patotohanan nang una
ang mga pagbabata ni Cristo, at ang mga kaluwalhatiang
hahalili sa mga ito. 12 Na ipinahahayag sa kanila, na hindi sa
ganang kanilang sarili, kundi sa ganang inyo, pinangasiwaan
nila ang mga bagay na ito, na ngayo'y ibinalita sa inyo sa
pamamagitan ng mga nagsipangaral sa inyo ng evangelio
sa pamamagitan ng Espiritu Santo na sinugo mula sa langit;
na ang mga bagay na ito'y ninanasang mamasdan ng mga
anghel. 13 Kaya't inyong bigkisan ang mga baywang ng
inyong pagiisip, na maging mapagpigil kayo at inyong ilagak
na lubos ang inyong pagasa sa biyayang dadalhin sa inyo
sa pagkahayag ni Jesucristo; 14 Na gaya ng mga anak na
matalimahin, na huwag kayong mangagasal na ayon sa
inyong dating mga masasamang pita nang kayo'y na sa
kawalang kaalaman: 15 Nguni't yamang banal ang sa inyo'y
tumawag, ay mangagpakabanal naman kayo sa lahat ng
paraan ng pamumuhay; 16 Sapagka't nasusulat, Kayo'y
mangagpakabanal; sapagka't ako'y banal. 17 At kung inyong
tinatawagan, na Ama, siyang walang itinatanging tao, na
humahatol ayon sa gawa ng bawa't isa, ay gugulin ninyo
sa takot ang panahon ng inyong pangingibang bayan: 18
Na inyong nalalamang kayo'y tinubos hindi ng mga bagay
na nangasisira, ng pilak o ginto, mula sa inyong walang
kabuluhang paraan ng pamumuhay, na ipinamana sa inyo
ng inyong mga magulang; 19 Kundi ng mahalagang dugo,
gaya ng sa korderong walang kapintasan at walang dungis,
sa makatuwid baga'y ang dugo ni Cristo: 20 Na nakilala nga
nang una bago itinatag ang sanglibutan, nguni't inihayag sa
mga huling panahon dahil sa inyo, 21 Na sa pamamagitan
niya ay nanganampalataya kayo sa Dios, na sa kaniya'y
bumuhay na maguli sa mga patay, at sa kaniya'y nagbigay
ng kaluwalhatian; upang ang inyong pananampalataya at
pagasa ay mapasa Dios. 22 Yamang nilinis ninyo ang mga
kaluluwa sa inyong pagtalima sa katotohanan, sa pagibig
na hindi pakunwari sa mga kapatid, ay mangagibigan kayo
ng buong ningas ng inyong puso sa isa't isa: 23 Yamang
ipinanganak kayong muli, hindi sa binhing nasisira, kundi
sa walang kasiraan, sa pamamagitan ng salita ng Dios na
nabubuhay at namamalagi. **(aiōn g165)** 24 Sapagka't, Ang
lahat ng laman ay gaya ng damo, At ang lahat ng kaniyang
karangalan ay gaya ng bulaklak ng damo. Ang damo'y
natutuyo, at ang bulaklak ay nalalanta: 25 Datapuwa't ang
salita ng Panginoon ay namamalagi magpakailan man. At ito
ang salita ng mabubuting balita na ipinangaral sa inyo. **(aiōn
g165)**

2 Kaya't sa paghihiwalay ng lahat na kasamaan, at lahat
ng pagdaraya, at pagpapaimbabaw, at mga pananaghili,
at ng lahat ng panglalait, 2 Gaya ng mga sanggol na bagong
panganak ay nasain ninyo ang gatas na walang daya na ukol
sa espiritu, upang sa pamamagitan nito'y magsilago kayo sa
ikaliligtas; 3 Kung inyong napagkilala na ang Panginoon ay
mapagbiyaya: 4 Na kayo'y magsilapit sa kaniya, na isang
batong buhay, na sa katotohana'y itinakuwil ng mga tao,
datapuwa't sa Dios ay hirang, mahalaga, 5 Kayo rin naman,
na gaya ng mga batong buhay, ay natatayong bahay na
ukol sa espiritu, upang maging pagkasaserdoteng banal,
upang maghandog ng mga hain na ukol sa espiritu, na
nangakalulugod sa Dios sa pamamagitan ni Jesucristo. 6
Sapagka't ito ang nilalaman ng kasulatan, Narito, aking
inilalagay sa Sion ang isang batong panulok na pangulo,
hirang mahalaga: At ang sumasampalataya sa kaniya ay
hindi mapapahiya. 7 Sa inyo ngang nanganampalataya,
siya'y mahalaga: datapuwa't sa hindi nanganampalataya,
Ang batong itinakuwil ng nagsisipagtayo ng bahay Siyang
naging pangulo sa panulok; 8 At, Batong katitisuran, at
bato na pangbuwal; Sapagka't sila ay natitisod sa salita,

palibhasa'y mga suwail: na dito rin naman sila itinalaga, 9
Datapuwa't kayo'y isang lahing hirang, isang makaharing
pagkasaserdote, bansang banal, bayang pag-aaring sarili ng
Dios, upang inyong ipahayag ang mga karangalan niyaong
tumawag sa inyo mula sa kadiliman, hanggang sa kaniyang
kagilagilalas na kaliwanagan: 10 Na nang nakaraang panahon
ay hindi bayan, datapuwa't ngayo'y bayan ng Dios: na hindi
nagsipagkamit ng awa, datapuwa't ngayo'y nagsipagkamit
ng awa. 11 Mga minamahal, ipinamamanhik ko sa inyong
tulad sa mga nangingibang bayan at nagsisipaglakbay, na
kayo'y magsipagpigil sa mga masamang pita ng laman, na
nakikipaglaban sa kaluluwa; 12 Na kayo'y mangagkaroon ng
timtimang ugali sa gitna ng mga Gentil; upang, sa mga bagay
na ipinagsasalita nila laban sa inyong tulad sa nagsisigawa
ng masama, dahil sa inyong mabubuting gawa na kanilang
nakikita, ay purihin nila ang Dios sa araw ng pagdalaw. 13
Kayo'y pasakop sa bawa't palatuntunan ng tao alangalang sa
Panginoon: maging sa hari, na kataastaasan; 14 O sa mga
gobernador, na sinugo niya sa panghihiganti sa nagsisigawa
ng masama at sa kapurihan ng nagsisigawa ng mabuti. 15
Sapagka't siyang kalooban ng Dios, na dahil sa paggawa
ng mabuti ay inyong mapatahimik ang kamangmangan ng
mga taong palalo: 16 Na gaya nang kayo'y mga laya, at ang
inyong kalayaan ay hindi ginagamit na balabal ng kasamaan,
kundi gaya ng mga alipin ng Dios. 17 Igalang ninyo ang lahat
ng mga tao. Ibigin ninyo ang pagkakapatiran. Mangatakot
kayo sa Dios. Igalang ninyo ang hari. 18 Mga alila, kayo'y
magsisuko na may buong takot sa inyong mga panginoon;
hindi lamang sa mabubuti at mahihinahon, kundi naman sa
mababagsik. 19 Sapagka't ito'y kalugodlugod, kung dahil
sa budhing ukol sa Dios ay magtiis ang sinoman ng mga
kalumbayan, na magbata ng di matuwid. 20 Sapagka't anong
kapurihan nga, kung kayo'y nangagkakasala, at kayo'y
tinatampal ay inyong tanggapin na may pagtitiis? nguni't
kung kayo'y gumagawa ng mabuti, at kayo'y nagbabata, ay
inyong tanggapin na may pagtitiis, ito'y kalugodlugod sa Dios.
21 Sapagka't sa ganitong bagay kayo'y tinawag: sapagka't si
Cristo man ay nagbata dahil sa inyo, na kayo'y iniwanan ng
halimbawa, upang kayo'y mangagsisunod sa mga hakbang
niya: 22 Na siya'y hindi nagkasala, o kinasumpungan man
ng daya ang kaniyang bibig: 23 Na, nang siya'y alipustain,
ay hindi gumanti ng pagalipusta; nang siya'y magbata, ay
hindi nagbala; kundi ipinagkatiwala ang kaniyang sarili doon
sa humahatol ng matuwid: 24 Na siya rin ang nagdala ng
ating mga kasalanan sa kaniyang katawan sa ibabaw ng
kahoy, upang pagkamatay natin sa mga kasalanan, ay
mangabuhay tayo sa katuwiran; na dahil sa kaniyang mga
sugat ay nangagsigaling kayo. 25 Sapagka't kayo'y gaya ng
mga tupang nangaliligaw; datapuwa't ngayon ay nangabalik
kayo sa Pastor at Obispo ng inyong mga kaluluwa.

**3** Gayon din naman, kayong mga asawang babae, pasakop
kayo sa inyong sarisariling asawa; upang, kung ang ilan
ay hindi tumalima sa salita, ay mangahikayat ng walang
salita sa pamamagitan ng ugali ng kanikaniyang asawang
babae; 2 Sa pagkamasid nila ng inyong ugaling mahinhin na
may takot. 3 Na huwag sa labas ang kanilang paggayak
na gaya ng pagpapahiyas ng buhok, at pagsusuot ng mga
hiyas na ginto, o pagbibihis ng maringal na damit; 4 Kundi
ang pagkataong natatago sa puso na may damit na walang
kasiraan ng espiritung maamo at payapa, na may malaking
halaga sa paningin ng Dios. 5 Sapagka't nang unang
panahon, ay ganito naman nagsigayak ang mga babaing
banal na nagsiasa sa Dios, na pasakop sa kanikaniyang
asawa; 6 Na gaya ni Sara na tumalima kay Abraham, na
kaniyang tinawag na panginoon: na kayo ang mga anak
niya ngayon, kung nagsisigawa kayo ng mabuti, at di kayo
nangatatakot sa anomang kasindakan. 7 Gayon din naman
kayong mga lalake, magsipamahay kayong kasama ng
inyo-inyong asawa ayon sa pagkakilala, na pakundanganan
ang babae, na gaya ng marupok na sisidlan, yamang kayo
nama'y kasamang tagapagmana ng biyaya ng kabuhayan:
upang ang inyong mga panalangin ay huwag mapigilan. 8
Katapustapusan, kayong lahat ay mangagkaisang akala,
madamayin, mangagibigang tulad sa magkakapatid, mga
mahabagin, mga mapagkumbabang pagiisip: 9 Na huwag
ninyong gantihin ng masama ang masama, o ng alipusta
ang pagalipusta; kundi ng pagpapala; sapagka't dahil dito
kayo'y tinawag, upang kayo'y mangagmana ng pagpapala.
10 Sapagka't, Ang magnais umibig sa buhay, At makakita ng
mabubuting araw, Ay magpigil ng kaniyang dila sa masama,
At ang kaniyang mga labi ay huwag magsalita ng daya: 11 At
tumalikod siya sa masama, at gumawa ng mabuti; Hanapin
ang kapayapaan, at kaniyang sundan. 12 Sapagka't ang mga
mata ng Panginoon ay nasa mga matuwid, At ang kaniyang
mga pakinig ay sa kanilang mga daing: Nguni't ang mukha
ng Panginoon ay laban sa mga nagsisigawa ng masama. 13
At sino ang sa inyo ay aapi, kung kayo'y mapagmalasakit sa
mabuti? 14 Datapuwa't kung mangagbata kayo ng dahil sa
katuwiran ay mapapalad kayo: at huwag kayong mangatakot
sa kanilang pangtakot, o huwag kayong mangagulo; 15
Kundi inyong ariing banal si Cristo na Panginoon sa inyong
mga puso: na lagi kayong handa ng pagsagot sa bawa't
tao na humihingi sa inyo ng katuwiran tungkol sa pagasang
nasa inyo, nguni't sa kaamuan at takot: 16 Na taglay ang
mabuting budhi; upang, sa mga bagay na salitain laban
sa inyo, ay mangapahiya ang nagsisialipusta sa inyong
mabuting paraan ng pamumuhay kay Cristo. 17 Sapagka't

lalong magaling, kung gayon ang iniibig ng kalooban ng
Dios na kayo'y mangagbata dahil sa paggawa ng mabuti kay
sa dahil sa paggawa ng masama. 18 Sapagka't si Cristo
man ay nagbata ring minsan dahil sa mga kasalanan, ang
matuwid dahil sa mga di matuwid, upang tayo'y madala
niya sa Dios; siyang pinatay sa laman, nguni't binuhay sa
espiritu; 19 Na iyan din ang kaniyang iniyaon at nangaral
sa mga espiritung nasa bilangguan, 20 Na nang unang
panahon ay mga suwail, na ang pagpapahinuhod ng Dios,
ay nanatili noong mga araw ni Noe, samantalang inihahanda
ang daong, na sa loob nito'y kakaunti, sa makatuwid ay
walong kaluluwa, ang nangaligtas sa pamamagitan ng
tubig: 21 Na ayon sa tunay na kahawig ngayo'y nagligtas,
sa makatuwid baga'y ang bautismo, hindi sa pagaalis ng
karumihan ng laman, kundi sa paghiling ng isang mabuting
budhi sa Dios, sa pamamagitan ng pagkabuhay na maguli ni
Jesucristo; 22 Na nasa kanan ng Dios, pagkaakyat niya sa
langit; na ipinasakop sa kaniya ang mga anghel at ang mga
kapamahalaan ang mga kapangyarihan.

**4** Kung paano ngang si Cristo ay nagbata sa laman, ay
magsandata rin naman kayo ng gayong pagiisip; sapagka't
siya na nagbata sa laman ay nagpapatigil sa kasalanan; 2
Upang huwag na kayong mangabuhay sa laman sa inyong
nalalabing panahon sa mga masamang pita ng mga tao, kundi
sa kalooban ng Dios. 3 Sapagka't sukat na ang nakaraang
panahon upang gawin ang hangad ng mga Gentil, at lumakad
sa kalibugan, sa mga masamang pita, sa mga paglalasing, sa
mga kalayawan, sa mga kayamuan, at sa kasuklamsuklam
na pagsamba sa mga diosdiosan: 4 Ikinahahanga nila ang
bagay na ito na kayo'y hindi nakikitakbong kasama nila sa
gayong pagpapakalabis ng kaguluhan, kung kaya't kayo'y
pinagsasalitaan ng masama: 5 Na sila'y magbibigay sulit sa
kaniya na handang humukom sa mga buhay at sa mga patay.
6 Sapagka't dahil dito'y ipinangaral maging sa mga patay
ang evangelio, upang sila, ayon sa mga tao sa laman ay
mangahatulan, datapuwa't mangabuhay sa espiritu ayon sa
Dios. 7 Nguni't ang wakas ng lahat ng mga bagay ay malapit
na: kayo nga'y mangagpakahinahon, at mangagpuyat sa
pananalangin: 8 Na una sa lahat ay maging maningas kayo
sa inyong pagiibigan; sapagka't ang pagibig ay nagtatakip
ng karamihang kasalanan: 9 Na mangagpatuluyan kayo ng
walang bulongbulungan: 10 Na ayon sa kaloob na tinanggap
ng bawa't isa, ay ipaglingkod sa inyo-inyo rin, na gaya ng
mabubuting katiwala ng masaganang biyaya ng Dios; 11 Na
kung ang sinoma'y nagsasalita, ay gaya ng sa mga aral ng
Dios: kung ang sinoman ay nangangasiwa, ay gaya ng sa
kalakasang ibinibigay ng Dios: upang ang Dios ay papurihan
sa lahat ng mga bagay sa pamamagitan ni Jesucristo, na sa
kaniya ang kaluwalhatian at ang paghahari magpakailan
man. Siya nawa. (aiōn g165) 12 Mga minamahal, huwag kayong
mangagtaka tungkol sa mahigpit na pagsubok sa inyo, na
dumarating sa inyo upang kayo'y subukin, na waring ang
nangyayari sa inyo'y di karaniwang bagay: 13 Kundi kayo'y
mangagalak, sapagka't kayo'y mga karamay sa mga hirap ni
Cristo; upang sa pagkahayag ng kaniyang kaluwalhatian
naman ay mangagalak kayo ng malabis na galak. 14 Kung
kayo'y mapintasan dahil sa pangalan ni Cristo, ay mapapalad
kayo; sapagka't ang Espiritu ng kaluwalhatian at ang Espiritu
ng Dios ay nagpapahingalay sa inyo. 15 Nguni't huwag
magbata ang sinoman sa inyo na gaya ng mamamatay-
tao, o magnanakaw, o manggagawa ng masama, o gaya ng
mapakialam sa mga bagay ng iba: 16 Nguni't kung ang isang
tao ay magbata na gaya ng Cristiano, ay huwag mahiya;
kundi luwalhatiin ang Dios sa pangalang ito. 17 Sapagka't
dumating na ang panahon ng pasimula ng paghuhukom sa
bahay ng Dios: at kung mauna sa atin, ano kaya ang wakas
ng mga hindi nagsisitalima sa evangelio ng Dios? 18 At kung
ang matuwid ay bahagya ng makaliligtas, ang masama at
ang makasalanan ay saan kaya magsisiharap? 19 Kaya't
ipagkatiwala naman ng nangagbabata ayon sa kalooban ng
Dios ang kanilang mga kaluluwa sa paggawa ng mabuti sa
tapat na Lumalang.

**5** Sa matatanda nga sa inyo'y umaaral ako, akong
matandang kasamahan ninyo, at isang saksi ng mga
hirap ni Cristo, na may bahagi naman sa kaluwalhatiang
ihahayag: 2 Pangalagaan ninyo ang kawan ng Dios na
nasa inyo, na magsigamit kayo ng pagpupuno, na hindi
sapilitan, kundi may kasayahan, na ayon sa kalooban ng
Dios; ni hindi dahil sa mahalay na kapakinabangan, kundi sa
handang pagiisip; 3 Ni hindi din naman ang gaya ng kayo'y
may pagkapanginoon sa pinangangasiwaang ipinagtagubilin
sa inyo, kundi kayo'y maging mga uliran ng kawan. 4 At
pagkahayag ng pangulong Pastor, ay magsisitanggap kayo
ng di nasisirang putong ng kaluwalhatian. 5 Gayon din naman,
kayong mga kabataan, ay magsisuko sa matatanda. Oo,
kayong lahat ay mangagbigkis ng kapakumbabaan, na kayo-
kayo'y maglingkuran: sapagka't ang Dios ay sumasalangsang
sa mga palalo, datapuwa't nagbibigay ng biyaya sa mga
mapagpakumbaba. 6 Kaya't kayo'y mangagpakababa sa
ilalim ng makapangyarihang kamay ng Dios, upang kayo'y
kaniyang itaas sa kapanahunan; 7 Na inyong ilagak sa
kaniya ang lahat ng inyong kabalisahan, sapagka't kayo'y
ipinagmamalasakit niya. 8 Kayo'y maging mapagpigil, kayo'y
maging mapagpuyat; ang inyong kalaban na diablo, na
gaya ng leong umuungal, ay gumagala na humahanap ng
masisila niya: 9 Na siya'y labanan ninyong matatag sa
inyong pananampalataya, yamang inyong nalalaman na ang
mga gayong hirap ay nagaganap sa inyong mga kapatid na

nangasa sanglibutan. **10** At ang Dios ng buong biyaya na sa
inyo'y tumawag sa kaniyang walang hanggang kaluwalhatian
kay Cristo, pagkatapos na kayo'y makapagbatang sangdaling
panahon, ay siya rin ang magpapasakdal, magpapatibay,
at magpapalakas sa inyo. **(aiōnios g166)** **11** Sumasakaniya
nawa ang paghahari magpakailan man. Siya nawa. **(aiōn
g165)** **12** Sa pamamagitan ni Silvano, na tapat nating kapatid,
ayon sa aking palagay sa kaniya, ay sinulatan ko kayo ng
maiksi, na aking iniaaral at sinasaksihan na ito ang tunay
na biyaya ng Dios: magsitibay kayo dito. **13** Binabati kayo
ng nasa Babilonia, na kasamang hinirang; at ni Marcos na
aking anak. **14** Mangagbatian kayo ng halik ng pagibig.
Kapayapaan nawa ang sumainyong lahat na na kay Cristo.

# 2 Pedro

1 Si Simon Pedro, na alipin at apostol ni Jesucristo,
sa nagsipagkamit na kasama namin ng mahalagang
pananampalataya sa katuwiran ng ating Dios at Tagapagligtas
na si Jesucristo: 2 Biyaya at kapayapaan ang sa inyo'y
dumami sa pagkakilala sa Dios at kay Jesus na Panginoon
natin; 3 Yamang ipinagkaloob sa atin ng kaniyang banal
na kapangyarihan ang lahat ng mga bagay na nauukol sa
kabuhayan at sa kabanalan, sa pamamagitan ng pagkakilala
sa kaniya na tumawag sa atin sa pamamagitan ng kaniyang
sariling kaluwalhatian at kagalingan; 4 Na dahil dito ay
ipinagkaloob niya sa atin ang kaniyang mahahalaga at
napakadakilang pangako; upang sa pamamagitan ng mga
ito ay makabahagi kayo sa kabanalang mula sa Dios,
yamang nakatanan sa kabulukang nasa sanglibutan dahil sa
masamang pita. 5 Oo, at dahil din dito, sa pagkaragdag
sa ganang inyo ng buong sikap, ay ipamahagi ninyo sa
inyong pananampalataya ang kagalingan; at sa kagalingan
ay ang kaalaman; 6 At sa kaalaman ay ang pagpipigil; at sa
pagpipigil ay ang pagtitiis; at sa pagtitiis ay ang kabanalan; 7
At sa kabanalan ay ang mabuting kalooban sa kapatid; at sa
mabuting kalooban sa kapatid ay ang pagibig. 8 Sapagka't
kung nasa inyo ang mga bagay na ito at sumasagana, ay
hindi kayo pababayaang maging mga tamad o mga walang
bunga sa pagkakilala sa ating Panginoong Jesucristo. 9
Sapagka't yaong wala ng mga bagay na ito ay bulag, na
ang nakikita lamang ay ang nasa malapit, sa pagkalimot ng
paglilinis ng kaniyang dating mga kasalanan. 10 Kaya, mga
kapatid, lalong pagsikapan ninyo na mangapanatag kayo sa
pagkatawag at pagkahirang sa inyo: sapagka't kung gawin
ninyo ang mga bagay na ito ay hindi kayo mangatitisod
kailan man: 11 Sapagka't sa gayon ay ipinamamahaging
sagana sa inyo ang pagpasok sa kahariang walang hanggan
ng Panginoon natin at Tagapagligtas na si Jesucristo. **(aiōnios
g166)** 12 Kaya't magiging handa akong lagi na ipaalaala ko sa
inyo ang mga bagay na ito, bagama't inyong nalalaman, at
kayo'y pinatitibay sa katotohanang nasa inyo. 13 At inaakala
kong matuwid, na samantalang ako'y nasa tabernakulong
ito, ay kilusin ko kayo na ipaalaala ko sa inyo; 14 Yamang
aking nalalaman na dumarating na madali ang paghiwalay
ko sa aking tabernakulo, na gaya ng ipinahiwatig sa akin ng
Panginoon nating Jesucristo. 15 Oo, pagsisikapan ko na sa
tuwituwi na, pagkamatay ko'y inyong maalaala ang mga
bagay na ito. 16 Sapagka't kami ay hindi nagsisunod sa
mga kathang ginawang mainam, noong aming ipinakilala sa
inyo ang kapangyarihan at pagparito ng ating Panginoong
Jesucristo, kundi kami ay naging mga saksing nakakita ng
kaniyang karangalan. 17 Sapagka't siya'y tumanggap sa
Dios Ama ng karangalan at kaluwalhatian, nang dumating sa
kaniya ang isang tinig mula sa Marangal na Kaluwalhatian,
Ito ang sinisinta kong Anak, na siya kong kinalulugdan: 18 At
ang tinig na ito ay aming narinig na nanggaling sa langit,
nang kami ay kasama niya sa banal na bundok. 19 At kami
ay mayroong lalong panatag na salita ng hula; na mabuti
ang inyong ginagawa kung ito'y inyong sinusundan, na gaya
ng sa isang ilawang lumiliwanag sa isang dakong madilim,
hanggang sa pagbubukang liwayway, at ang tala sa umaga
ay sumilang sa inyong mga puso: 20 Na maalaman muna
ito, na alin mang hula ng kasulatan ay hindi nagbuhat sa
sariling pagpapaliwanag. 21 Sapagka't hindi sa kalooban
ng tao dumating ang hula kailanman: kundi ang mga tao
ay nagsalita buhat sa Dios, na nangaudyokan ng Espiritu
Santo.

2 Nguni't may nagsilitaw din naman sa bayan na
mga bulaang propeta, na gaya naman sa inyo'y
magkakaroon ng mga bulaang guro, na mangagpapasok
sa lihim ng mga makakapahamak na mga hiduwang
pananampalataya, na itatatuwa pati ang Panginoon na bumili
sa kanila, na mangagtataglay sa kanilang sarili ng madaling
pagkapahamak. 2 At maraming magsisisunod sa kanilang
mga gawang mahahalay; na dahil sa kanila ay pagsasalitaan
ng masama ang daan ng katotohanan. 3 At sa kasakiman
sa mga pakunwaring salita ay ipangangalakal kayo: na ang
hatol nga sa kanila mula nang una ay hindi nagluluwat,
at ang kanilang kapahamakan ay hindi nagugupiling. 4
Sapagka't kung ang Dios ay hindi nagpatawad sa mga
anghel nang mangagkasala ang mga yaon, kundi sila'y
ibinulid sa impierno, at kinulong sa mga hukay ng kadiliman,
upang ilaan sa paghuhukom; **(Tartaroō g5020)** 5 At ang dating
sanglibutan ay hindi pinatawad, datapuwa't iningatan si
Noe na tagapangaral ng katuwiran na kasama ng ibang
pito pa, noong dalhin ang pagkagunaw sa sanglibutan ng
masasama; 6 At pinarusahan niya ng pagkalipol ang mga
bayan ng Sodoma at Gomorra na pinapaging abo, nang
maging halimbawa sa mga magsisipamuhay na masama: 7
At iniligtas ang matuwid na si Lot, na lubhang nahahapis sa
mahahalay na pamumuhay ng masasama: 8 (Sapagka't ang
matuwid na ito na namamayang kasama nila, ay lubhang
nahapis araw-araw ang kaniyang matuwid na kaluluwa sa
pagkakita at pagkarinig niya, ng mga gawa nilang laban sa
kautusan): 9 Ang Panginoon ay marunong magligtas ng
mga banal, sa tukso at maglaan ng mga di matuwid sa ilalim
ng kaparusahan hanggang sa araw ng paghuhukom; 10
Datapuwa't lalong-lalo na ng mga nagsisilakad ng ayon sa
laman sa masamang pita ng karumihan, at nangapopoot
sa pagkasakop. Mga pangahas, mapagsariling kalooban,
sila'y hindi natatakot na magsialipusta sa mga pangulo: 11

Samantalang ang mga anghel, bagama't lalong dakila ang
lakas at kapangyarihan, ay hindi nagtataglay ng paghatol
na may alipusta laban sa kanila sa harapan ng Panginoon.
**12** Datapuwa't ang mga ito, na gaya ng mga kinapal
na walang bait, na ipinanganak na talagang mga hayop
upang hulihin at lipulin, na nagsisialipusta sa mga bagay
na hindi nila nalalaman ay walang pagsalang lilipulin sa
kanila ring pagkalipol. **13** Na nangagbabata ng masama na
kabayaran ng gawang masama; palibhasa'y inaari nilang
isang kaligayahan ang magpakalayaw kung araw, mga
dungis at kapintasan, na nangagpapakalayaw sa kanilang
mga daya, samantalang sila'y nangakikipagpiging sa inyo;
**14** Na may mga matang puspos ng pangangalunya, at
hindi maaaring maglikat sa pagkakasala; na umaakit sa
mga kaluluwang walang tiyaga; na may pusong sanay sa
kasakiman; mga anak ng paglait, **15** Na pagkaalis sa daang
matuwid ay nangaligaw sila, palibhasa'y nagsisunod sa daan
ni Balaam na anak ni Beor, na nagibig ng kabayaran ng
gawang masama; **16** Datapuwa't siya'y sinasaway dahil
sa kaniyang sariling pagsalangsang: na isang asnong pipi
ay nangusap ng tinig ng tao at pinigil ang kaululan ng
propeta. **17** Ang mga ito'y mga bukal na walang tubig,
mga ulap na tinatangay ng unos; na sa kanila'y itinaan ang
kapusikitan ng kadiliman; **18** Sapagka't, sa pananalita ng
mga kapalaluan na walang kabuluhan, ay umaakit sila sa
masasamang pita ng laman, sa pamamagitan ng kalibugan,
doon sa nagsisitakas sa nangamumuhay sa kamalian; **19** Na
pinangangakuan ng kalayaan, samantalang sila'y mga alipin
ng kabulukan; sapagka't ang nadaig ninoman ay naging
alipin din naman niyaon. **20** Sapagka't kung, pagkatapos
na sila'y makatakas sa mga pagkahawa sa sanglibutan sa
pamamagitan ng pagkakilala sa Panginoon at Tagapagligtas
na si Jesucristo, ay muling mahalubiluhan at madaig niyaon,
ay lalong sumasama ang huling kalagayan nila kay sa
nang una. **21** Sapagka't magaling pa sa kanila ang hindi
nakakilala ng daan ng katuwiran, kay sa, pagkatapos na
makakilala ito ay tumalikod sa banal na utos na ibinigay sa
kanila. **22** Nangyari sa kanila ang ayon sa kawikaang tunay,
Nagbabalik na muli ang aso sa kaniyang sariling suka, at sa
paglulubalob sa pusali ang babaing baboy na nahugasan.

**3** Ito nga ang ikalawang sulat, mga minamahal, na isinusulat
ko sa inyo; at sa dalawa'y ginigising ko ang inyong tapat
na pagiisip sa pamamagitan ng pagpapaalaala sa inyo; **2**
Upang maalaala ninyo ang mga salitang sinabi nang una
ng mga banal na propeta, at ang utos ng Panginoon at
Tagapagligtas sa pamamagitan ng inyong mga apostol:
**3** Na maalaman muna ito, na sa mga huling araw ay
magsisiparito ang mga manunuya na may pagtuya, na
magsisilakad ayon sa kanikanilang masasamang pita, **4** At
magsisipagsabi, Saan naroon ang pangako ng kaniyang
pagparito? sapagka't, buhat nang araw na mangatulog
ang mga magulang, ay nanganatili ang lahat ng mga
bagay na gaya ng kalagayan nila mula nang pasimulan ang
paglalang. **5** Sapagka't sadyang nililimot nila, na mayroong
sangkalangitan mula nang unang panahon, at isang lupang
inanyuan sa tubig at sa gitna ng tubig, sa pamamagitan ng
salita ng Dios; **6** Na sa pamamagitan din nito ang sanglibutan
noon, na inapawan ng tubig, ay napahamak: **7** Nguni't ang
sangkalangitan ngayon, at ang lupa, sa pamamagitan ng
gayon ding salita ay iningatang talaga sa apoy, na itinataan
sa araw ng paghuhukom at ng paglipol sa mga taong
masama. **8** Datapuwa't huwag ninyong kalimutan, mga
minamahal, ang isang bagay na ito, na ang isang araw sa
Panginoon ay katulad ng isang libong taon, at ang isang
libong taon ay katulad ng isang araw. **9** Hindi mapagpaliban
ang Panginoon tungkol sa kaniyang pangako, na gaya ng
pagpapalibang ipinalalagay ng iba; kundi mapagpahinuhod
sa inyo, na hindi niya ibig na sinoman ay mapahamak,
kundi ang lahat ay magsipagsisi. **10** Datapuwa't darating
ang araw ng Panginoon na gaya ng magnanakaw; na
ang sangkalangitan sa araw na iyan ay mapaparam na
kasabay ng malaking ugong, at ang mga bagay sa langit
ay mapupugnaw sa matinding init, at ang lupa at ang mga
gawang nasa lupa ay pawang masusunog. **11** Yamang
ang lahat ng mga bagay na ito ay mapupugnaw ng ganito,
ano ngang anyo ng mga pagkatao ang nararapat sa inyo
sa banal na pamumuhay at pagkamaawain, **12** Na ating
hinihintay at pinakananasa ang pagdating ng kaarawan ng
Dios, na dahil dito'y ang sangkalangitan na nagniningas ay
mapupugnaw, at ang mga bagay sa langit ay matutunaw sa
matinding init? **13** Nguni't, ayon sa kaniyang pangako, ay
naghihintay tayo ng bagong langit at ng bagong lupa, na
tinatahanan ng katuwiran. **14** Kaya nga, mga minamahal,
yamang kayo'y nagsisipaghintay ng mga bagay na ito, ay
pagsikapan ninyong masumpungan kayo sa kapayapaan, na
walang dungis at walang kapintasan sa paningin niya. **15** At
inyong ariin na ang pagpapahinuhod ng ating Panginoon ay
pagliligtas; na gaya rin naman ni Pablo, na ating minamahal
na kapatid, na ayon sa karunungang ibinigay sa kaniya, ay
sinulatan kayo; **16** Gayon din naman sa lahat ng kaniyang
mga sulat, na doo'y sinasalita ang mga bagay na ito; na
doo'y may ilang bagay na mahirap unawain, na isinisinsay
ng mga di nakaaalam at ng mga walang tiyaga, na gaya
rin naman ng kanilang ginagawa sa ibang mga kasulatan,
sa ikapapahamak din nila. **17** Kaya nga, mga minamahal,
yamang nalalaman na ninyo nang una ang mga bagay na
ito, ay magsipagingat kayo, baka kung mangaligaw kayo sa
pamamagitan ng kamalian ng masasama, ay mangahulog

kayo sa inyong sariling katiyagaan. **18** Datapuwa't magsilago kayo sa biyaya at sa pagkakilala sa ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesucristo. Sumakaniya nawa ang kaluwalhatian ngayon at magpakailan man. Siya nawa. **(aiōn g165)**

# 1 Juan

**1** Yaong buhat sa pasimula, yaong aming narinig, yaong nakita ng aming mga mata, yaong aming namasdan, at nahipo ng aming mga kamay, tungkol sa salita ng buhay; **2** (At ang buhay ay nahayag, at aming nakita, at pinatotohanan, at sa inyo'y aming ibinabalita ang buhay, ang buhay na walang hanggan, na kasama ng Ama at sa atin ay nahayag); **(aiōnios g166)** **3** Yaong aming nakita at narinig ay siya rin naming ibinabalita sa inyo, upang kayo naman ay magkaroon ng pakikisama sa amin: oo, at tayo ay may pakikisama sa Ama, at sa kaniyang Anak na si Jesucristo: **4** At ang mga bagay na ito ay aming isinusulat, upang ang ating kagalakan ay malubos. **5** At ito ang pasabing aming narinig sa kaniya at sa inyo'y aming ibinabalita, na ang Dios ay ilaw, at sa kaniya'y walang anomang kadiliman. **6** Kung sinasabi nating tayo'y may pakikisama sa kaniya at nagsisilakad tayo sa kadiliman, ay nangagbubulaan tayo, at hindi tayo nagsisigawa ng katotohanan: **7** Nguni't kung tayo'y nagsisilakad sa liwanag, na gaya niyang nasa liwanag, ay may pakikisama tayo sa isa't isa, at nililinis tayo ng dugo ni Jesus na kaniyang Anak sa lahat ng kasalanan. **8** Kung sinasabi nating tayo'y walang kasalanan, ay ating dinadaya ang ating sarili, at ang katotohanan ay wala sa atin. **9** Kung ipinahahayag natin ang ating mga kasalanan, ay tapat at banal siya na tayo'y patatawarin sa ating mga kasalanan, at tayo'y lilinisin sa lahat ng kalikuan. **10** Kung sinasabi nating tayo'y hindi nangagkasala, ay ating ginagawang sinungaling siya, at ang kaniyang salita ay wala sa atin.

**2** Mumunti kong mga anak, ang mga bagay na ito ay isinusulat ko sa inyo upang kayo'y huwag mangagkasala. At kung ang sinoman ay magkasala, ay may Tagapamagitan tayo sa Ama, si Jesucristo ang matuwid: **2** At siya ang pangpalubag-loob sa ating mga kasalanan; at hindi lamang sa ating mga kasalanan, kundi ng sa buong sanglibutan din naman. **3** At sa ganito'y nalalaman natin na siya'y ating nakikilala, kung tinutupad natin ang kaniyang mga utos. **4** Ang nagsasabing, Nakikilala ko siya, at hindi tumutupad ng kaniyang mga utos, ay sinungaling, at ang katotohanan ay wala sa kaniya; **5** Datapuwa't ang sinomang tumutupad ng kaniyang salita, tunay na sa kaniya ay naging sakdal ang pagibig ng Dios. Dahil dito'y nalalaman nating tayo'y nasa kaniya: **6** Ang nagsasabing siya'y nananahan sa kaniya ay nararapat din namang lumakad na gaya ng inilakad niya. **7** Mga minamahal, wala akong isinusulat sa inyo na anomang bagong utos, kundi ang dating utos na nasa inyo buhat nang pasimula; ang dating utos ay ang salita na inyong narinig. **8** Muli, isang bagong utos ang isinusulat ko sa inyo, bagay na tunay sa kaniya at sa inyo; sapagka't ang kadiliman ay lumilipas, at ang tunay na ilaw ay lumiliwanag na. **9** Ang nagsasabing siya'y nasa liwanag at napopoot sa kaniyang kapatid, ay nasa kadiliman pa hanggang ngayon. **10** Ang umiibig sa kaniyang kapatid ay nananahan sa liwanag, at sa kaniya'y walang anomang kadahilanang ikatitisod. **11** Nguni't ang napopoot sa kaniyang kapatid ay nasa kadiliman, at lumalakad sa kadiliman, at hindi niya nalalaman kung saan siya naparoroon, sapagka't ang kaniyang mga mata ay binulag ng kadiliman. **12** Kayo'y sinusulatan ko, mumunti kong mga anak, sapagka't ipinatawad sa inyo ang inyong mga kasalanan dahil sa kaniyang pangalan. **13** Kayo'y sinusulatan ko, mga ama, sapagka't inyong nakikilala yaong buhat pa nang pasimula ay siya na. Kayo'y sinusulatan ko, mga binata, sapagka't inyong dinaig ang masama. Kayo'y aking sinulatan, mumunting mga anak, sapagka't inyong nakikilala ang Ama. **14** Kayo'y aking sinulatan, mga ama, sapagka't inyong nakikilala yaong buhat pa nang pasimula ay siya na. Kayo'y aking sinulatan, mga binata, sapagka't kayo'y malalakas, at ang salita ng Dios ay nananahan sa inyo, at inyong dinaig ang masama. **15** Huwag ninyong ibigin ang sanglibutan, ni ang mga bagay na nasa sanglibutan. Kung ang sinoman ay umiibig sa sanglibutan, ay wala sa kaniya ang pagibig ng Ama. **16** Sapagka't ang lahat na nangasa sanglibutan, ang masamang pita ng laman at ang masamang pita ng mga mata at ang kapalaluan sa buhay, ay hindi mula sa Ama, kundi sa sanglibutan. **17** At ang sanglibutan ay lumilipas, at ang masamang pita niyaon; datapuwa't ang gumagawa ng kalooban ng Dios ay nananahan magpakailan man. **(aiōn g165)** **18** Mumunting mga anak, ito ang huling oras: at gaya ng inyong narinig na darating ang anticristo, kahit ngayon ay lumitaw ang marami nang anticristo; kaya nga nalalaman natin na ito na ang huling oras. **19** Sila'y nangagsilabas sa atin, nguni't sila'y hindi sa atin; sapagka't kung sila'y sa atin ay nagsipanatili sana sa atin: nguni't nangagsilabas, upang sila'y mahayag na silang lahat ay hindi sa atin. **20** At kayo'y may pahid ng Banal, at nalalaman ninyo ang lahat ng mga bagay. **21** Hindi ko kayo sinulatan ng dahil sa hindi ninyo nalalaman ang katotohanan, kundi dahil sa inyong nalalaman, at sapagka't alin mang kasinungalingan ay hindi sa katotohanan. **22** Sino ang sinungaling kundi ang tumatanggi na si Jesus ay siyang Cristo? Ito ang anticristo, sa makatuwid ay ang tumatanggi sa Ama at sa Anak. **23** Ang sinomang tumatanggi sa Anak, ay hindi sumasa kaniya ang Ama: ang nagpapahayag sa Anak ay sumasa kaniya naman ang Ama. **24** Tungkol sa inyo, ay manahan sa inyo ang inyong narinig buhat nang pasimula. Kung manahan sa inyo yaong buhat nang pasimula ay inyong narinig, kayo naman ay mananahan sa Anak, at sa Ama. **25** At ito ang

pangakong kaniyang ipinangako sa atin, ang buhay na
walang hanggan. **(aiōnios g166)** 26 Isinulat ko sa inyo ang
mga bagay na ito tungkol sa mga may ibig na magligaw sa
inyo. 27 At tungkol sa inyo, ang pagkapahid na sa kaniya'y
inyong tinanggap ay nananahan sa inyo, at hindi ninyo
kailangang kayo'y turuan ng sinoman; nguni't kung paanong
kayo'y tinuturuan ng kaniyang pahid tungkol sa lahat ng mga
bagay, at siyang totoo, at hindi kasinungalingan, at kung
paanong kayo'y tinuruan nito, ay gayon kayong nananahan
sa kaniya. 28 At ngayon, mumunti kong mga anak, manahan
kayo sa kaniya; upang, kung siya'y mahayag, ay magkaroon
kayo ng pagkakatiwala, at huwag tayong mangapahiya sa
harapan niya sa kaniyang pagparito. 29 Kung nalalaman
ninyong siya'y matuwid, nalalaman naman ninyo na ang
bawa't gumagawa ng katuwiran ay ipinanganak niya.

**3** Masdan ninyo kung gaanong pagibig ang ipinagkaloob
sa atin ng Ama, upang tayo'y mangatawag na mga
anak ng Dios; at tayo'y gayon nga. Dahil dito'y hindi tayo
nakikilala ng sanglibutan, sapagka't siya'y hindi nakilala
nito. 2 Mga minamahal, ngayon ay mga anak tayo ng
Dios, at hindi pa nahahayag kung magiging ano tayo.
Nalalaman natin, na kung siya'y mahayag, tayo'y magiging
katulad niya: sapagka't siya'y ating makikitang gaya ng
kaniyang sarili. 3 At sinomang mayroon ng pagasang ito
sa kaniya ay naglilinis sa kaniyang sarili, gaya naman
niyang malinis. 4 Ang sinomang gumagawa ng kasalanan ay
sumasalangsang din naman sa kautusan: at ang kasalanan
ay ang pagsalangsang sa kautusan. 5 At nalalaman ninyo
na siya'y nahayag upang magalis ng mga kasalanan; at sa
kaniya'y walang kasalanan. 6 Ang sinomang nananahan
sa kaniya ay hindi nagkakasala; sinomang nagkakasala
ay hindi nakakita sa kaniya, ni hindi man nakakilala sa
kaniya. 7 Mumunti kong mga anak, huwag kayong padaya
kanino man: ang gumagawa ng katuwiran ay matuwid, gaya
niya na matuwid: 8 Ang gumagawa ng kasalanan ay sa
diablo; sapagka't buhat pa nang pasimula ay nagkakasala
ang diablo. Sa bagay na ito'y nahayag ang Anak ng Dios,
upang iwasak ang mga gawa ng diablo. 9 Ang sinomang
ipinanganak ng Dios ay hindi nagkakasala, sapagka't ang
kaniyang binhi ay nananahan sa kaniya: at siya'y hindi
maaaring magkasala, sapagka't siya'y ipinanganak ng Dios.
10 Dito nahahayag ang mga anak ng Dios, at ang mga anak
ng diablo: ang sinomang hindi gumagawa ng katuwiran ay
hindi sa Dios, ni ang hindi umiibig sa kaniyang kapatid.
11 Sapagka't ito ang pasabing inyong narinig buhat ng
pasimula, na mangagibigan tayo sa isa't isa: 12 Hindi gaya ni
Cain na siya'y sa masama, at pinatay ang kaniyang kapatid.
At bakit niya pinatay? Sapagka't ang kaniyang mga gawa
ay masasama, at ang mga gawa ng kaniyang kapatid ay
matuwid. 13 Huwag kayong mangagtaka, mga kapatid, kung
kayo'y kinapopootan ng sanglibutan. 14 Nalalaman nating
tayo'y nangalipat na sa buhay mula sa kamatayan, sapagka't
tayo'y nagsisiibig sa mga kapatid. Ang hindi umiibig ay
nananahan sa kamatayan. 15 Ang sinomang napopoot sa
kaniyang kapatid ay mamamatay-tao: at nalalaman ninyong
sinomang mamamatay-tao ay hindi pinananahanan ng buhay
na walang hanggan. **(aiōnios g166)** 16 Dito'y nakikilala natin
ang pagibig, sapagka't kaniyang ibinigay ang kaniyang buhay
dahil sa atin; at nararapat nating ibigay ang ating mga buhay
dahil sa mga kapatid. 17 Datapuwa't ang sinomang mayroong
mga pag-aari sa sanglibutang ito, at nakikita ang kaniyang
kapatid na nangangailangan, at doo'y ipagkait ang kaniyang
awa, paanong mananahan ang pagibig ng Dios sa kaniya?
18 Mumunti kong mga anak, huwag tayong magsiibig ng
salita, ni ng dila man; kundi ng gawa at katotohanan. 19 Dito'y
makikilala nating tayo'y sa katotohanan, at papapanatagin
natin ang ating mga puso sa harapan niya. 20 Sapagka't kung
hinahatulan tayo ng ating puso, ang Dios ay lalong dakila kay
sa ating puso, at nalalaman niya ang lahat ng mga bagay. 21
Mga minamahal, kung tayo'y hindi hinahatulan ng ating puso,
ay may pagkakatiwala tayo sa Dios; 22 At anomang ating
hingin ay tinatanggap natin sa kaniya, sapagka't tinutupad
natin ang kaniyang mga utos at ginagawa natin ang mga
bagay na kalugodlugod sa kaniyang paningin. 23 At ito ang
kaniyang utos, na manampalataya tayo sa pangalan ng
kaniyang Anak na si Jesucristo, at tayo'y mangagibigan,
ayon sa ibinigay niyang utos sa atin. 24 At ang tumutupad ng
kaniyang mga utos ay mananahan sa kaniya, at siya ay sa
kaniya. At dito'y nakikilala natin na siya'y nananahan sa atin,
sa pamamagitan ng Espiritu na kaniyang ibinigay sa atin.

**4** Mga minamahal, huwag kayong magsipaniwala sa bawa't
espiritu, kundi inyong subukin ang mga espiritu, kung
sila'y sa Dios: sapagka't maraming nagsilitaw na mga
bulaang propeta sa sanglibutan. 2 Dito'y nakikilala ninyo
ang Espiritu ng Dios: ang bawa't espiritung nagpapahayag
na si Jesucristo ay naparitong nasa laman ay sa Dios: 3
At ang bawa't espiritung hindi ipinahahayag si Jesus, ay
hindi sa Dios: at ito ang sa anticristo, na inyong narinig na
darating; at ngayo'y nasa sanglibutan na. 4 Kayo'y sa Dios,
mumunti kong mga anak, at inyong dinaig sila: sapagka't
lalong dakila siyang nasa inyo kay sa nasa sanglibutan.
5 Sila'y sa sanglibutan: kaya't tungkol sa sanglibutan ang
sinasalita nila, at sila'y dinidinig ng sanglibutan. 6 Tayo nga'y
sa Dios: ang nakakakilala sa Dios ay dumirinig sa atin; ang
hindi sa Dios ay hindi dumirinig sa atin. Dito'y ating nakikilala
ang espiritu ng katotohanan, at ang espiritu ng kamalian. 7
Mga minamahal, mangagibigan tayo sa isa't isa: sapagka't
ang pagibig ay sa Dios; at ang bawa't umiibig ay ipinanganak

ng Dios, at nakakakilala sa Dios. 8 Ang hindi umiibig ay hindi
nakakakilala sa Dios; sapagka't ang Dios ay pagibig. 9 Dito
nahayag ang pagibig ng Dios sa atin, sapagka't sinugo ng
Dios ang kaniyang bugtong na Anak sa sanglibutan upang
tayo'y mabuhay sa pamamagitan niya. 10 Narito ang pagibig,
hindi sa tayo'y umibig sa Dios, kundi siya ang umibig sa atin,
at sinugo ang kaniyang Anak na pangpalubagloob sa ating
mga kasalanan. 11 Mga minamahal, kung tayo'y inibig ng
Dios ng gayon, ay nararapat na mangagibigan din naman
tayo. 12 Sinoman ay hindi nakakita kailan man sa Dios: kung
tayo'y nangagiibigan, ang Dios ay nananahan sa atin, at
ang kaniyang pagibig ay nagiging sakdal sa atin: 13 Dito'y
nakikilala natin na tayo'y nangananahan sa kaniya at siya'y
sa atin, sapagka't binigyan niya tayo ng kaniyang Espiritu.
14 At nakita natin at sinasaksihan na sinugo ng Ama ang
Anak upang maging Tagapagligtas ng sanglibutan. 15 Ang
sinomang nagpapahayag na si Jesus ay Anak ng Dios, ang
Dios ay nananahan sa kaniya, at siya'y sa Dios. 16 At ating
nakilala at ating sinampalatayanan ang pagibig ng Dios sa
atin. Ang Dios ay pagibig; at ang nananahan sa pagibig ay
nananahan sa Dios, at ang Dios ay nananahan sa kaniya.
17 Dito'y naging sakdal ang pagibig sa atin, upang tayo'y
magkaroon ng pagkakatiwala sa araw ng paghuhukom;
sapagka't kung ano siya, ay gayon din naman tayo sa
sanglibutang ito. 18 Walang takot sa pagibig: kundi ang
sakdal na pagibig ay nagpapalayas ng takot, sapagka't ang
takot ay may kaparusahan; at ang natatakot ay hindi pa
pinasasakdal sa pagibig. 19 Tayo'y nagsisiibig, sapagka't
siya'y unang umibig sa atin. 20 Kung sinasabi ng sinoman,
Ako'y umiibig sa Dios, at napopoot sa kaniyang kapatid, ay
sinungaling; sapagka't ang hindi umiibig sa kaniyang kapatid
na kaniyang nakita, ay paanong makaiibig siya sa Dios na
hindi niya nakita? 21 At ang utos na itong mula sa kaniya
ay nasa atin, na ang umiibig sa Dios ay dapat umibig sa
kaniyang kapatid.

**5** Ang sinomang nananampalataya na si Jesus ay siyang
Cristo ay ipinanganak ng Dios: at ang bawa't umiibig sa
nanganak ay umiibig din naman sa ipinanganak niyaon. 2
Dito'y ating nakikilala na tayo'y nagsisiibig sa mga anak ng
Dios, pagka tayo'y nagsisiibig sa Dios at tinutupad natin ang
kaniyang mga utos. 3 Sapagka't ito ang pagibig sa Dios,
na ating tuparin ang kaniyang mga utos: at ang kaniyang
mga utos ay hindi mabibigat. 4 Sapagka't ang sinomang
ipinanganak ng Dios ay dumadaig sa sanglibutan: at ito ang
pagtatagumpay na dumadaig sa sanglibutan, sa makatuwid
ay ang ating pananampalataya. 5 At sino ang dumadaig
sa sanglibutan, kundi yaong nananampalatayang si Jesus
ay anak ng Dios? 6 Ito yaong naparito sa pamamagitan
ng tubig at dugo, sa makatuwid ay si Jesucristo; hindi sa
tubig lamang, kundi sa tubig at sa dugo. 7 At ang Espiritu
ang nagpapatotoo, sapagka't ang Espiritu ay katotohanan.
8 Sapagka't may tatlong nagpapatotoo, ang Espiritu, ang
tubig, at ang dugo: at ang tatlo ay nagkakaisa. 9 Kung
tinatanggap natin ang patotoo ng mga tao, ay lalong dakila
ang patotoo ng Dios, sapagka't ito ang patotoo ng Dios:
sapagka't ito papatotoo tungkol sa kaniyang Anak. 10 Ang
nananampalataya sa Anak ng Dios ay may patotoo sa
kaniya: ang hindi nananampalataya sa Dios ay ginagawang
isang sinungaling ang Dios: sapagka't hindi sumampalataya
sa patotoo na ibinigay ng Dios tungkol sa kaniyang Anak. 11
At ito ang patotoo, na tayo'y binigyan ng Dios ng buhay na
walang hanggan, at ang buhay na ito ay nasa kaniyang Anak.
**(aiōnios g166)** 12 Ang kinaroroonan ng Anak ay kinaroroonan
ng buhay; ang hindi kinaroroonan ng Anak ng Dios ay
hindi kinaroroonan ng buhay. 13 Ang mga bagay na ito
ay isinulat ko sa inyo, upang inyong maalaman na kayo'y
mayroong buhay na walang hanggan, sa makatuwid ay sa
inyong nananampalataya sa pangalan ng Anak ng Dios.
**(aiōnios g166)** 14 At ito ang nasa ating pagkakatiwala sa
kaniya, na kung tayo'y humingi ng anomang bagay na ayon
sa kaniyang kalooban, ay dinidinig tayo niya: 15 At kung
ating nalalaman na tayo'y dinidinig niya sa anomang ating
hingin, ay nalalaman natin na nasa atin ang mga kahilingang
sa kaniya'y ating hiningi. 16 Kung makita ng sinoman
na ang kaniyang kapatid ay nagkakasala ng kasalanang
hindi ikamamatay, ay idalangin siya at bibigyan siya ng
Dios ng buhay, na ukol sa mga nagkakasala nang hindi
ikamamatay. May kasalanang ikamamatay: hindi tungkol
dito ang sinasabi ko na idalangin niya. 17 Lahat ng kalikuan
ay kasalanan: at may kasalanang hindi ikamamatay. 18
Nalalaman natin na ang sinomang ipinanganak ng Dios ay
hindi nagkakasala; datapuwa't ang ipinanganak ng Dios
ay nagiingat sa kaniyang sarili, at hindi siya ginagalaw ng
masama. 19 Nalalaman natin na tayo'y sa Dios at ang
buong sanglibutan ay nakahilig sa masama. 20 At nalalaman
natin na naparito ang Anak ng Dios, at tayo'y binigyan ng
pagkaunawa, upang ating makilala siya na totoo, at tayo'y
nasa kaniya na totoo, sa makatuwid ay sa kaniyang Anak na
si Jesucristo. Ito ang tunay na Dios, at ang buhay na walang
hanggan. **(aiōnios g166)** 21 Mga anak ko, mangagingat kayo
sa mga diosdiosan.

# 2 Juan

1 Ang matanda sa hirang na ginang at sa kaniyang mga
anak, na aking iniibig sa katotohanan; at hindi lamang
ako, kundi pati ng lahat ng mga nakakakilala ng katotohanan;
2 Alangalang sa katotohanan na nananahan sa atin, at sasa
atin magpakailan man: (aiōn g165) 3 Sumaatin nawa ang
biyaya, awa, at kapayapaang mula sa Dios Ama at kay
Jesucristo, Anak ng Ama, sa katotohanan at sa pagibig.
4 Ako'y lubhang nagagalak na aking nasumpungan ang
ilan sa iyong mga anak na nagsisilakad sa katotohanan,
ayon sa ating tinanggap na utos sa Ama. 5 At ngayo'y
ipinamamanhik ko sa iyo, ginang, na hindi waring sinusulatan
kita ng isang bagong utos, kundi niyaong ating tinanggap
nang pasimula, na tayo'y mangagibigan sa isa't isa. 6 At ito
ang pagibig, na tayo'y mangagsilakad ayon sa kaniyang mga
utos. Ito ang utos, na tayo'y mangagsilakad sa kaniya, gaya
ng inyong narinig nang pasimula. 7 Sapagka't maraming
magdaraya na nangagsilitaw sa sanglibutan, sa makatuwid
ay ang mga hindi nangagpapahayag na si Jesucristo ay
napariritong nasa laman. Ito ang magdaraya at ang anticristo.
8 Mangagingat kayo sa inyong sarili, upang huwag ninyong
iwala ang mga bagay na aming pinagpagalan, kundi upang
tanggapin ninyo ang isang lubos na kagantihan. 9 Ang
sinomang nagpapatuloy at hindi nananahan sa aral ni Cristo,
ay hindi kinaroroonan ng Dios: ang nananahan sa aral, ay
kinaroroonan ng Ama at gayon din ng Anak. 10 Kung sa
inyo'y dumating ang sinoman, at hindi dala ang aral na ito,
ay huwag ninyong tanggapin sa inyong bahay, at huwag
ninyo siyang batiin: 11 Sapagka't ang bumabati sa kaniya ay
nararamay sa kaniyang masasamang gawa. 12 Yamang
may maraming mga bagay na isusulat sa inyo, ay hindi
ko ibig isulat sa papel at tinta; datapuwa't inaasahan kong
pumariyan sa inyo, at makipagusap ng mukhaan, upang
malubos ang inyong galak. 13 Ang mga anak ng iyong hirang
na kapatid na babae ay bumabati sa iyo.

# 3 Juan

1 Ang matanda, kay Gayo na minamahal, na aking iniibig
sa katotohanan. 2 Minamahal, aking idinadalangin na
sa lahat ng mga bagay ay guminhawa ka at bumuti ang
iyong katawan, na gaya ng pagginhawa ng iyong kaluluwa.
3 Sapagka't ako'y totoong nagalak nang magsidating ang
mga kapatid at mangagpatotoo sa iyong katotohanan, ayon
sa paglakad mo sa katotohanan. 4 Wala nang dakilang
kagalakan sa ganang akin na gaya nito, na marinig na
ang aking mga anak ay nagsisilakad sa katotohanan. 5
Minamahal, ginagawa mo ang tapat na gawa sa lahat ng
iyong ginagawa doon sa mga kapatid at sa mga taga ibang
lupa; 6 Na siyang nangagpapatotoo ng iyong pagibig sa
harapan ng iglesia: na iyong gagawan ng magaling kung
iyong tutulungan sila ng nararapat sa Dios, sa kanilang
paglalakbay: 7 Sapagka't dahil sa Pangalan, ay nangagsiyaon
sila na walang kinuhang anoman sa mga Gentil. 8 Nararapat
nga nating tanggaping mabuti ang mga gayon, upang tayo'y
maging kasama sa paggawa sa katotohanan. 9 Ako'y
sumulat ng ilang bagay sa iglesia: datapuwa't si Diotrefes na
nagiibig magkaroon ng kataasan sa kanila, ay hindi kami
tinatanggap. 10 Kaya't kung pumariyan ako, ay ipaaalaala
ko ang mga gawang kaniyang ginagawa, na nagsasalita
ng masasamang salita laban sa amin: at hindi nasisiyahan
sa ganito, ni hindi man niya tinatanggap ang mga kapatid,
at silang mga ibig tumanggap ay pinagbabawalan niya at
pinalalayas sila sa iglesia. 11 Minamahal, huwag mong
tularan ang masama, kundi ang mabuti. Ang gumagawa ng
mabuti ay sa Dios: ang gumagawa ng masama ay hindi
nakakita sa Dios. 12 Si Demetrio ay pinatototohanan ng
lahat, at ng katotohanan: oo, kami man ay nagpapatotoo
rin; at nalalaman mo na ang aming patotoo ay tunay. 13
Maraming mga bagay ang isusulat ko sana sa iyo, datapuwa't
hindi ko ibig isulat sa iyo ng tinta at panulat: 14 Datapuwa't
inaasahan kong makita kang madali, at tayo'y magkakausap
ng mukhaan. Ang kapayapaa'y sumainyo nawa. Binabati ka
ng mga kaibigan. Batiin mo ang mga kaibigan sa pangalan.

# Judas

1 Si Judas, na alipin ni Jesucristo, at kapatid ni Santiago, sa
mga tinawag, na minamahal sa Dios Ama, at iniingatang
para kay Jesucristo: 2 Kaawaan at kapayapaan at pagibig ang
sa inyo nawa'y paramihin. 3 Mga minamahal, samantalang
ako'y totoong nagsisikap ng pagsulat sa inyo tungkol sa
kaligtasan nating lahat, ay napilitan akong sumulat sa
inyo na inaaralan kayong makipaglabang masikap dahil sa
pananampalataya na ibinigay na minsan at magpakailan
man sa mga banal. 4 Sapagka't may ilang taong nagsipasok
ng lihim, yaong mga itinalaga nang una pa sa kahatulang
ito, mga di banal, na pinalitan ng kalibugan ang biyaya
ng ating Dios, na itinatatuwa ang ating iisang Guro at
Panginoong si Jesucristo. 5 Ninanasa ko ngang ipaalaala sa
inyo, bagama't nalalaman ninyong maigi ang lahat ng mga
bagay, na nang mailigtas ng Panginoon ang isang bayan,
sa lupain ng Egipto, ay nilipol niya pagkatapos yaong mga
hindi nagsisipanampalataya. 6 At ang mga anghel na hindi
nangagingat ng kanilang sariling pamunuan, kundi iniwan
ang kanilang sariling tahanan, ay iniingatan niya sa mga
tanikalang walang hanggan sa paghuhukom sa dakilang
araw. **(aïdios g126)** 7 Gayon din ang Sodoma at Gomorra,
at ang mga bayang nasa palibot ng mga ito, na dahil sa
pagpapakabuyo sa pakikiapid at sa pagsunod sa ibang
laman, ay inilagay na pinakahalimbawa, na sila'y nagbabata
ng parusang apoy na walang hanggan. **(aiōnios g166)** 8 Gayon
ma'y ang mga ito rin naman sa kanilang pagkagupiling ay
inihahawa ang laman, at hinahamak ang mga paghahari, at
nilalait ang mga puno. 9 Datapuwa't ang arkanghel Miguel,
nang makipaglaban sa diablo, na nakikipagtalo tungkol sa
katawan ni Moises, ay hindi nangahas gumamit laban sa
kaniya ng isang hatol na may pagalipusta, kundi sinabi,
Sawayin ka nawa ng Panginoon. 10 Datapuwa't ang mga ito'y
nangalipusta sa anomang bagay na hindi nila nalalaman:
at sa mga bagay na talagang kanilang nauunawa, ay
nangagpapakasira na gaya ng mga kinapal na walang bait.
11 Sa aba nila! sapagka't sila'y nagsilakad sa daan ni Cain, at
nagsidaluhong na walang pagpipigil sa kamalian ni Balaam
dahil sa upa, at nangapahamak sa pagsalangsang ni Core.
12 Ang mga ito'y pawang mga batong natatago sa inyong
piging ng pagiibigan, kung sila'y nakikipagpiging sa inyo, mga
pastor na walang takot na nangagpapasabsab sa kanilang
sarili; mga alapaap na walang tubig, na tinatangay ng mga
hangin; mga punong kahoy sa taginaw na walang bunga,
na makalawang namatay, na binunot pati ugat; 13 Mga
mabangis na alon sa dagat, na pinagbubula ang kanilang
sariling kahihiyan; mga bituing gala na siyang pinaglaanan
ng pusikit ng kadiliman magpakailan man. **(aiōn g165)** 14 At
ang mga ito naman ang hinulaan ni Enoc, na ikapito sa
bilang mula kay Adam, na nagsabi, Narito, dumating ang
Panginoon, na kasama ang kaniyang mga laksalaksang
banal, 15 Upang isagawa ang paghuhukom sa lahat, at upang
sumbatan ang lahat ng masasama sa lahat ng kanilang mga
gawang masasama na kanilang ginawang may kasamaan,
at sa lahat ng mga bagay na mabibigat na sinalita laban
sa kaniya ng mga makasalanang masasama. 16 Ang mga
ito'y mga mapagbulong, mga madaingin, na nangagsisilakad
ayon sa kanilang masasamang pita (at ang kanilang bibig
ay nangagsasalita ng mga kapalaluan), nangagpapakita
ng galang sa mga tao dahil sa pakikinabangin. 17 Nguni't
kayo, mga minamahal, ay alalahanin ninyo ang mga salitang
nang una'y sinabi ng mga apostol ng ating Panginoong
Jesucristo; 18 Kung paanong sinabi sa inyo, Magkakaroon
ng mga manunuya sa huling panahon, na magsisilakad
ayon sa kanikanilang masasamang pita. 19 Ang mga ito
ang nagsisigawa ng paghihiwalay, malalayaw, na walang
taglay na Espiritu. 20 Nguni't kayo, mga minamahal,
papagtibayin ninyo ang inyong sarili sa inyong lubhang
banal na pananampalataya, na manalangin sa Espiritu
Santo, 21 Na magsipanatili kayo sa pagibig sa Dios, na
inyong asahan ang awa ng ating Panginoong Jesucristo
sa ikabubuhay na walang hanggan. **(aiōnios g166)** 22 At ang
ibang nagaalinlangan ay inyong kahabagan; 23 At ang
iba'y inyong iligtas, na agawin ninyo sa apoy; at ang iba'y
inyong kahabagan na may takot; na inyong kapootan pati
ng damit na nadungisan ng laman. 24 Ngayon doon sa
makapagiingat sa inyo mula sa pagkatisod, at sa inyo'y
makapaghaharap na walang kapintasan na may malaking
galak, sa harapan ng kaniyang kaluwalhatian. 25 Sa iisang
Dios na ating Tagapagligtas, sa pamamagitan ni Jesucristo
na ating Panginoon, ay sumakaniya nawa ang kaluwalhatian,
ang karangalan, ang paghahari, at ang kapangyarihan, sa
kaunaunahang panahon, at ngayon at magpakailan man.
Siya nawa. **(aiōn g165)**

# Pahayag

**1** Ang Apocalipsis ni Jesucristo, na ibinigay ng Dios sa
kaniya upang ipahayag sa kaniyang mga alipin, sa
makatuwid ay ang mga bagay na nararapat mangyaring
madali: at kaniyang ipinadala at ipinaalam sa pamamagitan
ng kaniyang anghel sa kaniyang alipin na si Juan; **2** Na
sumaksi sa salita ng Dios, at sa patotoo ni Jesucristo,
sa lahat ng mga bagay na nakita niya. **3** Mapalad ang
bumabasa, at ang nangakikinig ng mga salita ng hula, at
tumutupad ng mga bagay na nangasusulat doon: sapagka't
ang panaho'y malapit na. **4** Si Juan sa pitong iglesia na nasa
Asia: Biyaya ang sumainyo nawa, at kapayapaang mula
doon sa kaniya na ngayon, at nang nakaraan at darating;
at mula sa pitong Espiritu na nasa harapan ng kaniyang
luklukan; **5** At mula kay Jesucristo na siyang saksing tapat,
na panganay sa mga patay, at pangulo ng mga hari sa lupa.
Doon sa umiibig sa atin, at sa nagkalag sa atin sa ating
mga kasalanan sa pamamagitan ng kaniyang dugo; **6** At
ginawa tayong kaharian, mga saserdote sa kaniyang Dios at
Ama; sumakaniya nawa ang kaluwalhatian at ang paghahari
magpakailan kailan man. Siya nawa. **(aiōn g165)** **7** Narito,
siya'y pumaparitong nasasa mga alapaap; at makikita siya
ng bawa't mata, at ng nangagsiulos sa kaniya; at ang lahat
ng mga angkan sa lupa ay magsisitaghoy dahil sa kaniya.
Gayon din, Siya nawa. **8** Ako ang Alpha at ang Omega,
sabi ng Panginoong Dios, ngayon at nang nakaraan at sa
darating, ang Makapangyarihan sa lahat. **9** Akong si Juan,
na inyong kapatid at inyong karamay sa kapighatian at sa
kaharian at sa pagtitiis na kay Jesus, ay nasasa pulo na
tinatawag na Patmos, dahil sa salita ng Dios at sa patotoo ni
Jesus. **10** Ako'y nasa Espiritu nang araw ng Panginoon, at
narinig ko sa aking likuran ang dakilang tinig, na tulad sa
isang pakakak. **11** Na nagsasabi, Ang iyong nakikita, ay
isulat mo sa isang aklat at iyong ipadala sa pitong iglesia:
sa Efeso, at sa Smirna, at sa Pergamo, at sa Tiatira, at sa
Sardis, at sa Filadelfia, at sa Laodicea. **12** At ako'y lumingon
upang makita ang tinig na nagsasalita sa akin. At nang
ako'y lumingon ay nakita ko ang pitong kandelerong ginto:
**13** At sa gitna ng mga kandelero ay may isang katulad
ng isang anak ng tao, na may suot na damit hanggang
sa paa, at may bigkis ang dibdib na isang pamigkis na
ginto. **14** At ang kaniyang ulo at ang kaniyang buhok ay
mapuputing gaya ng balahibong maputi ng tupa, gaya ng
niebe; at ang kaniyang mga mata ay gaya ng ningas ng
apoy; **15** At ang kaniyang mga paa ay katulad ng tansong
binuli, na gaya ng dinalisay sa isang lutuang-bakal; at ang
kaniyang tinig ay gaya ng lagaslas ng maraming tubig. **16**
At sa kaniyang kanang kamay ay may pitong bituin: at sa
kaniyang bibig ay lumabas ang isang matalas na tabak na
may dalawang talim: at ang kaniyang mukha ay gaya ng
araw na sumisikat ng matindi. **17** At nang siya'y aking makita,
ay nasubasob akong waring patay sa kaniyang paanan.
At ipinatong niya sa akin ang kaniyang kanang kamay, na
sinasabi, Huwag kang matakot; ako'y ang una at ang huli,
**18** At ang Nabubuhay; at ako'y namatay, at narito, ako'y
nabubuhay magpakailan man, at nasa akin ang mga susi
ng kamatayan at ng Hades. **(aiōn g165, Hadēs g86)** **19** Isulat
mo nga ang mga bagay na nakita mo, at ang mga bagay
ngayon, at ang mga bagay na mangyayari sa darating; **20**
Ang hiwaga ng pitong bituin na iyong nakita sa aking kanang
kamay, at ng pitong kandelerong ginto. Ang pitong bituin ay
ang mga anghel ng pitong iglesia: at ang pitong kandelero
ay ang pitong iglesia.

**2** Sa anghel ng iglesia sa Efeso ay isulat mo: Ang mga
bagay na ito ay sinasabi ng may hawak ng pitong
bituin sa kaniyang kanang kamay, na yaong lumalakad sa
gitna ng pitong kandelerong ginto: **2** Nalalaman ko ang
iyong mga gawa, at ang iyong pagpapagal at pagtitiis, at
hindi mo matiis ang masasamang tao, at sinubok mo ang
mga nagpapanggap na apostol, at sila'y hindi gayon, at
nasumpungan mo silang pawang bulaan; **3** At may pagtitiis
ka at nagbata ka dahil sa aking pangalan, at hindi ka
napagod. **4** Nguni't mayroon akong laban sa iyo, na iyong
iniwan ang iyong unang pagibig. **5** Kaya't alalahanin mo kung
saan ka nahulog, at magsisi ka at gawin mo ang iyong mga
unang gawa; o kung hindi ay paririyan ako sa iyo, at aalisin
ko ang iyong kandelero sa kaniyang kinalalagyan, maliban
na magsisi ka. **6** Nguni't ito'y nasa iyo, na iyong kinapopootan
ang mga gawa ng mga Nicolaita, na kinapopootan ko naman.
**7** Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa
mga iglesia. Ang magtagumpay, ay siya kong pakakanin
ng punong kahoy ng buhay, na nasa Paraiso ng Dios. **8**
At sa anghel ng iglesia sa Smirna ay isulat mo: Ang mga
bagay na ito ay sinasabi ng una at ng huli, na namatay, at
muling nabuhay: **9** Nalalaman ko ang iyong kapighatian, at
ang iyong kadukhaan (datapuwa't ikaw ay mayaman), at
ang pamumusong ng mga nagsasabing sila'y mga Judio,
at hindi sila gayon, kundi isang sinagoga ni Satanas. **10**
Huwag mong katakutan ang mga bagay na iyong malapit ng
tiisin: narito, malapit ng ilagay ng diablo ang ilan sa inyo sa
bilangguan, upang kayo'y masubok; at magkakaroon kayo
ng kapighatiang sangpung araw. Magtapat ka hanggang sa
kamatayan, at bibigyan kita ng putong ng buhay. **11** Ang may
pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia.
Ang magtagumpay ay hindi parurusahan ng ikalawang
kamatayan. **12** At sa anghel ng iglesia sa Pergamo ay isulat
mo: Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng may matalas na

tabak na may dalawang talim: 13 Nalalaman ko kung saan
ka tumatahan, sa makatuwid baga'y sa kinaroroonan ng
luklukan ni Satanas; at iniingatan mong matibay ang aking
pangalan, at hindi mo ikinaila ang aking pananampalataya,
kahit nang mga araw man ni Antipas na aking saksi, aking
taong tapat, na pinatay sa gitna ninyo, na tinatahanan ni
Satanas. 14 Datapuwa't mayroon akong ilang bagay na laban
sa iyo, sapagka't mayroon ka diyang ilan na nanghahawak
sa aral ni Balaam, na siyang nagturo kay Balac na maglagay
ng katisuran sa harapan ng mga anak ni Israel, upang
magsikain ng mga bagay na inihahain sa mga diosdiosan,
at makiapid. 15 Gayon din naman na mayroon kang ilan
na nanghahawak sa aral ng mga Nicolaita. 16 Magsisi
ka nga; o kung hindi ay madaling paririyan ako sa iyo, at
babakahin ko sila ng tabak ng aking bibig. 17 Ang may
pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia.
Ang magtagumpay ay bibigyan ko ng manang natatago, at
siya'y bibigyan ko ng isang batong puti, at sa bato ay may
nakasulat na isang bagong pangalan, na walang nakakaalam
kundi yaong tumatanggap. 18 At sa anghel ng iglesia sa
Tiatira ay isulat mo: Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng
Anak ng Dios, na may mga matang gaya ng ningas ng apoy,
at ang kaniyang mga paa ay gaya ng tansong binuli: 19
Nalalaman ko ang iyong mga gawa, at ang iyong pagibig, at
pananampalataya at ministerio at pagtitiis, at ang iyong mga
huling gawa ay higit kay sa mga una. 20 Datapuwa't mayroon
akong laban sa iyo, na pinahintulutan mo ang babaing si
Jezebel, na nagpapanggap na propetisa; at siya'y nagtuturo
at humihikayat sa aking mga lingkod upang makiapid, at
kumain ng mga bagay na inihahain sa mga diosdiosan. 21 At
binigyan ko siya ng panahon upang makapagsisi; at siya'y
ayaw magsisi sa kaniyang pakikiapid. 22 Narito, akin siyang
inihaharatay sa higaan, at ang mga nakikiapid sa kaniya sa
malaking kapighatian, maliban na kung sila'y magsisipagsisi
sa kaniyang mga gawa. 23 At papatayin ko ng salot ang
kaniyang mga anak; at malalaman ng lahat ng mga iglesia
na ako'y yaong sumasaliksik ng mga pagiisip at ng mga
puso: at bibigyan ko ang bawa't isa sa inyo ng ayon sa
inyong mga gawa. 24 Datapuwa't sinasabi ko sa inyo, sa
mga iba na nasa Tiatira, sa lahat ng walang aral na ito,
na hindi nakakaalam ng malalalim na bagay ni Satanas,
gaya ng sinasabi nila; hindi na ako magpapasan sa inyo ng
ibang pasan. 25 Gayon ma'y ang nasa inyo'y panghawakan
ninyong matibay hanggang sa ako'y pumariyan. 26 At ang
magtagumpay, at tumupad ng aking mga gawa hanggang
sa katapusan, ay bibigyan ko ng kapamahalaan sa mga
bansa: 27 At sila'y paghaharian niya sa pamamagitan ng
isang panghampas na bakal, gaya ng pagkadurog ng mga
sisidlang lupa ng magpapalyok; gaya naman ng tinanggap
ko sa aking Ama: 28 At sa kaniya'y ibibigay ko ang tala sa
umaga. 29 Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng
Espiritu sa mga iglesia.

**3** At sa anghel ng iglesia sa Sardis ay isulat mo: Ang
mga bagay na ito ay sinasabi ng may pitong Espiritu ng
Dios, at may pitong bituin: Nalalaman ko ang iyong mga
gawa, na ikaw ay may pangalang ikaw ay nabubuhay, at
ikaw ay patay. 2 Magpuyat ka, at pagtibayin mo ang mga
bagay na natitira, na malapit ng mamatay: sapagka't wala
akong nasumpungang iyong mga gawang sakdal sa harapan
ng aking Dios. 3 Alalahanin mo nga kung paanong iyong
tinanggap at narinig; at ito'y tuparin mo, at magsisi ka.
Kaya't kung hindi ka magpupuyat ay paririyan akong gaya ng
magnanakaw, at hindi mo malalaman kung anong panahon
paririyan ako sa iyo. 4 Nguni't mayroon kang ilang pangalan
sa Sardis na hindi nangagdumi ng kanilang mga damit: at
sila'y kasama kong magsisilakad na may mga damit na
maputi; sapagka't sila'y karapatdapat. 5 Ang magtagumpay
ay daramtang gayon ng mga mapuputing damit; at hindi ko
papawiin sa anomang paraan ang kaniyang pangalan sa
aklat ng buhay, at ipahahayag ko ang kaniyang pangalan
sa harapan ng aking Ama, at sa harapan ng kaniyang
mga anghel. 6 Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi
ng Espiritu sa mga iglesia. 7 At sa anghel ng iglesia sa
Filadelfia ay isulat mo: Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng
banal, niyaong totoo, niyaong may susi ni David, niyaong
nagbubukas at di mailalapat ng sinoman, at naglalapat at
di maibubukas ng sinoman: 8 Nalalaman ko ang iyong
mga gawa (narito, inilagay ko sa harapan mo ang isang
pintuang bukas, na di mailalapat ng sinoman), na ikaw ay
may kaunting kapangyarihan, at tinupad mo ang aking salita,
at hindi mo ikinaila ang aking pangalan. 9 Narito, ibinibigay
ko sa sinagoga ni Satanas, ang mga nagsasabing sila'y mga
Judio, at sila'y hindi, kundi nangagbubulaan; narito, sila'y
aking papapariyanin at pasasambahin sa harap ng iyong mga
paa, at nang maalamang ikaw ay aking inibig. 10 Sapagka't
tinupad mo ang salita ng aking pagtitiis, ikaw naman ay aking
iingatan sa panahon ng pagsubok, na darating sa buong
sanglibutan, upang subukin ang mga nananahan sa ibabaw
ng lupa. 11 Ako'y dumarating na madali: panghawakan mong
matibay ang nasa iyo, upang huwag kunin ng sinoman ang
iyong putong. 12 Ang magtagumpay, ay gagawin kong haligi
sa templo ng aking Dios, at hindi na siya'y lalabas pa doon:
at isusulat ko sa kaniya ang pangalan ng aking Dios, at ang
pangalan ng bayan ng aking Dios, ang bagong Jerusalem,
na mananaog buhat sa langit mula sa aking Dios, at ang
aking sariling bagong pangalan. 13 Ang may pakinig, ay
makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia. 14 At sa
anghel ng iglesia sa Laodicea ay isulat mo: Ang mga bagay

na ito ay sinasabi ng Siya Nawa, ng saksing tapat at totoo, ng
pasimula ng paglalang ng Dios: **15** Nalalaman ko ang iyong
mga gawa, na ikaw ay hindi malamig o mainit man: ibig ko
sanang ikaw ay malamig o mainit. **16** Kaya sapagka't ikaw ay
malahininga, at hindi mainit o malamig man, ay isusuka kita
sa aking bibig. **17** Sapagka't sinasabi mo, Ako'y mayaman, at
nagkamit ng kayamanan, at hindi ako nangangailangan ng
anoman; at hindi mo nalalamang ikaw ang aba at maralita
at dukha at bulag at hubad: **18** Ipinapayo ko sa iyo na
ikaw ay bumili sa akin ng gintong dinalisay ng apoy, upang
ikaw ay yumaman: at ng mapuputing damit, upang iyong
maisuot, at upang huwag mahayag ang iyong kahiyahiyang
kahubaran; at ng pangpahid sa mata, na ipahid sa iyong
mga mata, upang ikaw ay makakita. **19** Ang lahat kong
iniibig, ay aking sinasaway at pinarurusahan: ikaw nga'y
magsikap, at magsisi. **20** Narito ako'y nakatayo sa pintuan at
tumutuktok: kung ang sinoman ay duminig ng aking tinig at
magbukas ng pinto, ako'y papasok sa kaniya, at hahapong
kasalo niya, at siya'y kasalo ko. **21** Ang magtagumpay,
ay aking pagkakaloobang umupong kasama ko sa aking
luklukan, gaya ko naman na nagtagumpay, at umupong
kasama ng aking Ama sa kaniyang luklukan. **22** Ang may
pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia.

**4** Pagkatapos ng mga bagay na ito ay tumingin ako,
at narito, ang isang pintong bukas sa langit, at ang
unang tinig na aking narinig, na gaya ng sa pakakak, na
nakikipagusap sa akin, ay sa isang nagsasabi, Umakyat
ka rito, at ipakikita ko sa iyo ang mga bagay na dapat
mangyari sa haharapin. **2** Pagdaka'y napasa Espiritu ako: at
narito, may isang luklukang nalalagay sa langit, at sa ibabaw
ng luklukan ay may isang nakaupo; **3** At ang nakaupo ay
katulad ng isang batong jaspe at isang sardio: at naliligid
ng isang bahaghari na tulad sa anyo ng isang esmeralda.
**4** At sa palibot ng luklukan ay may dalawangpu't apat na
luklukan: at sa mga luklukan ay nakita kong nangakaupo
ang dalawangpu't apat na matatanda, na nadaramtan ng
mapuputing damit; at sa kanilang mga ulo ay may mga
putong na ginto. **5** At mula sa luklukan ay may lumalabas na
kidlat, at mga tinig at mga kulog. At may pitong ilawang apoy
na mga nagliliyab sa harapan ng luklukan, na siyang pitong
Espiritu ng Dios; **6** At sa harapan ng luklukan, ay wari na
may isang dagat na bubog na katulad ng salamin; at sa
gitna ng luklukan, at sa palibot ng luklukan, ay may apat
na nilalang na buhay na puno ng mga mata sa harapan
at sa likuran. **7** At ang unang nilalang ay katulad ng isang
leon, at ang ikalawang nilalang ay katulad ng isang guyang
baka, at ang ikatlong nilalang ay may mukhang katulad
ng sa isang tao, at ang ikaapat na nilalang ay katulad
ng isang agila na lumilipad. **8** At ang apat na nilalang
na buhay, na may anim na pakpak bawa't isa sa kanila,
ay mga puno ng mata sa palibot at sa loob; at sila'y
walang pahinga araw at gabi, na nagsasabi, Banal, banal,
banal, ang Panginoong Dios, ang Makapangyarihan sa
lahat, na nabuhay at nabubuhay at siyang darating. **9** At
pagka ang mga nilalang na buhay ay nangagpupuri, at
nangagpaparangal at nangagpapasalamat sa nakaupo sa
luklukan, doon sa nabubuhay magpakailan kailan man,
**(aiōn g165)** **10** Ang dalawangpu't apat na matatanda ay
mangagpapatirapa sa harapan niyaong nakaupo sa luklukan,
at mangagsisisamba doon sa nabubuhay magpakailan kailan
man, at ilalagay ang kanilang putong sa harapan ng luklukan
na nangagsasabi, **(aiōn g165)** **11** Marapat ka, Oh Panginoon
namin at Dios namin, na tumanggap ng kaluwalhatian at
ng kapurihan at ng kapangyarihan: sapagka't nilikha mo
ang lahat ng mga bagay at dahil sa iyong kalooban ay
nangagsilitaw, at nangalikha.

**5** At nakita ko sa kanang kamay niyaong nakaupo sa
luklukan ang isang aklat na may sulat sa loob at sa
labas, na tinatakang mahigpit ng pitong tatak. **2** At nakakita
ako ng isang malakas na anghel na nagtatanyag ng
malakas na tinig, Sinong karapatdapat magbukas ng aklat,
at magtanggal ng mga tatak nito? **3** At sinoman sa langit,
o sa ibabaw man ng lupa, o sa ilalim man ng lupa, ay
hindi makapagbukas ng aklat, o makatingin man. **4** At
ako'y umiyak na mainam, sapagka't hindi nakasumpong ng
sinomang marapat magbukas ng aklat, o makatingin man: **5**
At sinabi sa akin ng isa sa matatanda, Huwag kang umiyak;
narito, ang Leon sa angkan ni Juda, ang Ugat ni David,
ay nagtagumpay upang magbukas ng aklat at ng pitong
tatak nito. **6** At nakita ko sa gitna ng luklukan at ng apat
na nilalang na buhay, at sa gitna ng matatanda, ang isang
Cordero na nakatayo, na wari ay pinatay, na may pitong
sungay, at pitong mata, na siyang pitong Espiritu ng Dios, na
sinugo sa buong lupa. **7** At siya'y lumapit, at kinuha ang
aklat sa kanang kamay niyaong nakaupo sa luklukan. **8** At
pagkakuha niya ng aklat, ang apat na nilalang na buhay at
ang dalawangpu't apat na matatanda ay nangagpatirapa
sa harapan ng Cordero, na ang bawa't isa'y may alpa, at
mga mangkok na ginto na puno ng kamangyan, na siyang
mga panalangin ng mga banal. **9** At sila'y nangagaawitan ng
isang bagong awit, na nagsasabi, Ikaw ang karapatdapat na
kumuha ng aklat, at magbukas ng mga tatak nito: sapagka't
ikaw ay pinatay, at binili mo sa Dios ng iyong dugo ang mga
tao sa bawa't angkan, at wika, at bayan, at bansa. **10** At sila'y
iyong ginawang kaharian at mga saserdote sa aming Dios;
at sila'y nangaghahari sa ibabaw ng lupa. **11** At nakita ko, at
narinig ko ang tinig ng maraming mga anghel sa palibot ng
luklukan at ng mga nilalang na buhay at ng matatanda; at ang

bilang nila ay sangpung libong tigsasangpung libo at libolibo;
**12** Na nangagsasabi ng malakas na tinig, Karapatdapat ang
Cordero na pinatay upang tumanggap ng kapangyarihan, at
kayamanan, at karunungan, at kalakasan, at kapurihan, at
kaluwalhatian, at pagpapala. **13** At ang bawa't bagay na
nilalang na nasa langit, at nasa ibabaw ng lupa, at nasa ilalim
ng lupa, at nasa ibabaw ng dagat, at lahat ng mga bagay
na nasa mga ito, ay narinig kong nangagsasabi, Sa kaniya
na nakaupo sa luklukan, at sa Cordero ay ang pagpapala,
at kapurihan, at kaluwalhatian, at paghahari, magpakailan
kailan man. **(aiōn g165)** **14** At ang apat na nilalang na buhay ay
nagsabi, Siya nawa. At ang matatanda ay nangagpatirapa at
nangagsisamba.

**6** At nakita ko nang buksan ng Cordero ang isa sa pitong
tatak, at narinig ko sa isa sa apat na nilalang na buhay,
na nagsalitang gaya ng tunog ng kulog, Halika. **2** At
tumingin ako, at narito, ang isang kabayong maputi, at yaong
nakasakay dito ay may isang busog; at binigyan siya ng
isang putong: at siya'y yumaong nagtatagumpay, at upang
magtagumpay. **3** At nang buksan niya ang ikalawang tatak,
ay narinig ko sa ikalawang nilalang na buhay, na sinasabi,
Halika. **4** At may lumabas na ibang kabayo, na kabayong
mapula: at ang nakasakay dito, ay pinagkaloobang magalis
sa lupa ng kapayapaan, at upang mangagpatayan ang isa't
isa: at binigyan siya ng isang malaking tabak. **5** At nang
buksan niya ang ikatlong tatak, ay narinig ko sa ikatlong
nilalang na buhay, na nagsasabi, Halika. At tumingin ako, at
narito, ang isang kabayong maitim; at yaong nakasakay dito
ay may isang timbangan sa kaniyang kamay. **6** At narinig
ko ang gaya ng isang tinig sa gitna ng apat na nilalang na
buhay na nagsasabi, Sa isang denario ay isang takal na
trigo, at sa isang denario ay tatlong takal na sebada; at
huwag mong ipahamak ang langis at ang alak. **7** At nang
buksan niya ang ikaapat na tatak, ay narinig ko ang tinig
ng ikaapat na nilalang na buhay na nagsasabi, Halika. **8**
At tumingin ako, at narito, ang isang kabayong maputla: at
ang nakasakay dito ay may pangalang Kamatayan; at ang
Hades ay sumusunod sa kaniya. At sila'y pinagkalooban ng
kapamahalaan sa ikaapat na bahagi ng lupa, na pumatay sa
pamamagitan ng tabak, at ng gutom, at ng salot, at ng mga
ganid na hayop sa lupa. **(Hadēs g86)** **9** At nang buksan niya
ang ikalimang tatak, ay nakita ko sa ilalim ng dambana ang
mga kaluluwa ng mga pinatay dahil sa salita ng Dios, at dahil
sa patotoong sumakanila: **10** At sila'y sumigaw ng tinig na
malakas, na nagsasabi, Hanggang kailan, Oh Panginoong
banal at totoo, hindi mo hahatulan at ipaghihiganti ang aming
dugo, sa mga nananahan sa ibabaw ng lupa? **11** At binigyan
ang bawa't isa sa kanila ng isang maputing balabal; at sa
kanila'y sinabi, na mangagpahinga pa ng kaunting panahon,
hanggang sa maganap ang bilang ng kanilang mga kapuwa
alipin at ng kanilang mga kapatid, na mga papatayin namang
gaya nila. **12** At nakita ko nang buksan niya ang ikaanim na
tatak, at nagkaroon ng malakas na lindol; at ang araw ay
umitim na gaya ng isang magaspang na kayong buhok na
maitim, at ang buong buwan ay naging gaya ng dugo; **13** At
ang mga bituin sa langit ay nangahulog sa lupa, gaya ng
puno ng igos na isinasambulat ang kaniyang mga bungang
bubot pagka hinahampas ng malakas na hangin. **14** At
ang langit ay nahawi na gaya ng isang lulong aklat kung
nalululon; at ang bawa't bundok at pulo ay naalis sa kanilang
kinatatayuan. **15** At ang mga hari sa lupa, at ang mga
prinsipe, at ang mga pangulong kapitan, at ang mayayaman,
at ang mga makapangyarihan, at ang bawa't alipin at ang
bawa't laya, ay nagsipagtago sa mga yungib at sa mga bato
sa mga bundok; **16** At sinasabi nila sa mga bundok at sa
mga bato, Mahulog kayo sa amin, at kami'y inyong itago sa
mukha noong nakaupo sa luklukan, at sa galit ng Cordero:
**17** Sapagka't dumating na ang dakilang araw ng kanilang
kagalitan; at sino ang makatatayo?

**7** At pagkatapos nito ay nakita ko ang apat na anghel
na nakatayo sa apat na sulok ng lupa, na pinipigil ang
apat na hangin ng lupa, upang huwag humihip ang hangin
sa lupa, o sa dagat man, o sa anomang punong kahoy.
**2** At nakita ko ang ibang anghel na umaakyat mula sa
sikatan ng araw, na taglay ang tatak ng Dios na buhay:
at siya'y sumigaw ng tinig na malakas sa apat na anghel
na pinagkaloobang maipahamak ang lupa at ang dagat, **3**
Na nagsasabi, Huwag ninyong ipahamak ang lupa, kahit
ang dagat, kahit ang mga punong kahoy, hanggang sa
aming matatakan sa kanilang mga noo ang mga alipin ng
ating Dios. **4** At narinig ko ang bilang ng mga natatakan,
na isang daan at apat na pu't apat na libo, na natatakan,
sa bawa't angkan ng mga anak ni Israel: **5** Sa angkan
ni Juda ay labingdalawang libo ang tinatakan; Sa angkan
ni Ruben ay labingdalawang libo; Sa angkan ni Gad ay
labingdalawang libo; **6** Sa angkan ni Aser ay labingdalawang
libo; Sa angkan ni Neftali ay labingdalawang libo; Sa angkan
ni Manases ay labingdalawang libo; **7** Sa angkan ni Simeon
ay labingdalawang libo; Sa angkan ni Levi ay labingdalawang
libo; Sa angkan ni Isacar ay labingdalawang libo; **8** Sa
angkan ni Zabulon ay labingdalawang libo; Sa angkan ni
Jose ay labingdalawang libo; Sa angkan ni Benjamin ay
labingdalawang libo ang tinatakan. **9** Pagkatapos ng mga
bagay na ito ay tumingin ako, at narito, ang isang lubhang
karamihan na di mabilang ng sinoman, na mula sa bawa't
bansa at lahat ng mga angkan at mga bayan at mga wika, na
nakatayo sa harapan ng luklukan at sa harapan ng Cordero,
na nangadaramtan ng mapuputing damit, at may mga palma

sa kanilang mga kamay; 10 At nagsisigawan ng tinig na
malakas, na nangagsasabi, Ang pagliligtas ay sumaaming
Dios na nakaupo sa luklukan, at sa Cordero. 11 At ang lahat
ng mga anghel ay nangakatayo sa palibot ng luklukan, at
ng matatanda at ng apat na nilalang na buhay; at sila'y
nangagpatirapa sa harapan ng luklukan, at nangagsisamba
sa Dios, 12 Na nangagsasabi, Siya nawa: Pagpapala
at kaluwalhatian, at karunungan, at pagpapasalamat, at
karangalan, at kapangyarihan, at kalakasan, nawa ang
sumaaming Dios magpakailan kailan man. Siya nawa. **(aiōn
g165)** 13 At sumagot ang isa sa matatanda na, nagsasabi
sa akin, Ang mga ito na nangadaramtan ng mapuputing
damit, ay sino-sino at saan nagsipanggaling? 14 At sinabi ko
sa kaniya, Panginoon ko, Ikaw ang nakakaalam. At sinabi
niya sa akin, Ang mga ito'y ang nanggaling sa malaking
kapighatian, at nangaghugas ng kanilang mga damit, at
pinaputi sa dugo ng Cordero. 15 Kaya't sila'y nasa harapan
ng luklukan ng Dios; at nangaglilingkod sa kaniya araw at
gabi sa kaniyang templo: at siyang nakaupo sa luklukan,
ay lulukuban sila ng kaniyang tabernakulo. 16 Sila'y hindi
na magugutom pa, ni mauuhaw pa man; ni hindi na sila
tatamaan ng araw, o ng anomang init: 17 Sapagka't ang
Cordero na nasa gitna ng luklukan ay siyang magiging pastor
nila, at sila'y papatnugutan sa mga bukal ng tubig ng buhay:
at papahirin ng Dios ang bawa't luha ng kanilang mga mata.

**8** At nang buksan niya ang ikapitong tatak, ay nagkaroon
ng katahimikan sa langit na may kalahating oras. 2 At
nakita ko ang pitong anghel na nangakatayo sa harapan ng
Dios; at sila'y binigyan ng pitong pakakak. 3 At dumating
ang ibang anghel at tumayo sa harap ng dambana, na
may hawak na isang gintong pangsuob ng kamangyan; at
binigyan siya ng maraming kamangyan, upang idagdag
ito sa mga panalangin ng lahat ng mga banal sa ibabaw
ng dambanang ginto, na nasa harapan ng luklukan. 4 At
ang usok ng kamangyan, kalakip ng mga panalangin ng
mga banal, ay napailanglang mula sa kamay ng anghel,
sa harapan ng Dios. 5 At kinuha ng anghel ang pangsuob
ng kamangyan; at pinuno niya ng apoy ng dambana, at
itinapon sa lupa: at nagkaroon ng mga kulog, at mga tinig,
at mga kidlat, at ng isang lindol. 6 At ang pitong anghel
na may pitong pakakak ay nagsihanda upang magsihihip.
7 At humihip ang una, at nagkaroon ng granizo at apoy,
na may halong dugo, at itinapon sa lupa: at ang ikatlong
bahagi ng lupa ay nasunog, at ang ikatlong bahagi ng mga
punong kahoy ay nasunog, at ang lahat ng sariwang damo
ay nasunog. 8 At humihip ang ikalawang anghel, at ang
tulad sa isang malaking bundok na nagliliyab sa apoy ay
nabulusok sa dagat: at ang ikatlong bahagi ng dagat ay
naging dugo; 9 At namatay ang ikatlong bahagi ng mga
nilalang na nasa dagat, na mga may buhay; at ang ikatlong
bahagi sa mga daong ay nawalat. 10 At humihip ang ikatlong
anghel, at nahulog mula sa langit ang isang malaking bituin,
na nagliliyab na gaya ng isang sulo, at nahulog sa ikatlong
bahagi ng mga ilog, at sa mga bukal ng tubig; 11 At ang
pangalan ng bituin ay Ajenjo: at ang ikatlong bahagi ng tubig
ay naging ajenjo; at maraming tao ay nangamatay dahil sa
tubig, sapagka't mapait ang tubig. 12 At humihip ang ikaapat
na anghel, at nasugatan ang ikatlong bahagi ng araw, at
ang ikatlong bahagi ng buwan, at ang ikatlong bahagi ng
bituin; upang magdilim ang ikatlong bahagi nila, at upang
ang ikatlong bahagi ng maghapon ay huwag lumiwanag,
at gayon din naman ang gabi. 13 At nakita ko, at narinig
ko ang isang anghel, na lumilipad sa pagitan ng langit, na
nagsasabi ng malakas na tinig, Sa aba, sa aba, sa aba ng
mga nananahan sa ibabaw ng lupa, dahil sa mga ibang
tunog ng pakakak ng tatlong anghel, na magsisihihip pa.

**9** At humihip ang ikalimang anghel, at nakita ko ang isang
bituin na nahulog sa lupa mula sa langit: at sa kaniya'y
ibinigay ang susi ng hukay ng kalaliman. **(Abyssos g12)** 2 At
binuksan niya ang balon ng kalaliman; at napailanglang ang
usok mula sa hukay, na gaya ng usok ng isang malaking
lutuang-bakal; at nagdilim ang araw at ang himpapawid dahil
sa usok ng hukay. **(Abyssos g12)** 3 At nangagsilabas sa usok
ang mga balang sa lupa; at binigyan sila ng kapangyarihan,
na gaya ng mga alakdan sa lupa na may kapangyarihan. 4
At sinabi sa kanila na huwag ipahamak ang damo sa lupa, ni
ang anomang bagay na sariwa, ni ang anomang punong
kahoy, kundi ang mga tao lamang na walang tatak ng Dios
sa kanilang mga noo. 5 At pinagkalooban silang huwag
patayin ang mga ito, kundi pahirapan nilang limang buwan:
at ang kanilang pahirap ay gaya ng pahirap ng alakdan
kung kumakagat sa isang tao. 6 At sa mga araw na yaon
ay hahanapin ng mga tao ang kamatayan, at sa anomang
paraa'y hindi nila masusumpungan; at mangagnanasang
mamatay, at ang kamatayan ay tatakas sa kanila. 7 At
ang anyo ng mga balang ay katulad ng mga kabayong
nahahanda sa pagbabaka; at sa kanilang mga ulo ay gaya
ng mga putong na katulad ng ginto, at ang kanilang mga
mukha ay gaya ng mga mukha ng mga tao. 8 At sila'y
may buhok na gaya ng buhok ng mga babae, at ang
kanilang mga ngipin ay gaya ng sa mga leon. 9 At sila'y
may mga baluti, na gaya ng baluting bakal; at ang ugong ng
kanilang mga pakpak ay gaya ng ugong ng mga karro, at
ng maraming kabayo na dumadaluhong sa pagbabaka. 10
At sila'y may mga buntot na gaya ng sa mga alakdan, at
mga tibo; at sa kanilang mga buntot naroroon ang kanilang
kapangyarihan upang ipahamak ang mga taong limang
buwan. 11 Sila'y may pinakahari na anghel ng kalaliman:

ang kaniyang pangalan sa wikang Hebreo ay Abaddon, at
sa Griego ay may pangalan siyang Apolyon. **(Abyssos g12)**
**12** Ang unang Pagkaaba ay nakaraan na: narito, darating
pa ang dalawang Pagkaaba sa haharapin. **13** At humihip
ang ikaanim na anghel, at narinig ko ang isang tinig mula
sa mga sungay ng dambanang ginto na nasa harapan
ng Dios, **14** Na nagsasabi sa ikaanim na anghel na may
pakakak, Kalagan mo ang apat na anghel na nagagapos
sa malaking ilog ng Eufrates. **15** At kinalagan ang apat na
anghel, na nangahahanda sa oras at araw at buwan at taon
upang patayin ang ikatlong bahagi ng mga tao. **16** At ang
bilang ng mga hukbong nangangabayo ay makalawang
sangpunglibong tigsasangpung libo: aking narinig ang bilang
nila. **17** At nakita kong sa pangitain ang mga kabayo, at ang
mga nakasakay dito, na may mga baluting gaya ng apoy at
ng jacinto at ng asupre: at ang mga ulo ng mga kabayo ay
gaya ng mga ulo ng mga leon; at sa kanilang mga bibig ay
lumalabas ang apoy at usok at asupre. **18** Sa pamamagitan
ng tatlong salot na ito ay napatay ang ikatlong bahagi ng
mga tao, sa pamamagitan ng apoy at ng usok at ng asupre,
na nangagsisilabas sa kanilang mga bibig. **19** Sapagka't
ang kapangyarihan ng mga kabayo ay nasa kanilang bibig,
at nasa kanilang mga buntot; sapagka't ang kanilang mga
buntot ay kawangis ng mga ahas, at may mga ulo; at siya
nilang ipinananakit. **20** At ang nalabi sa mga tao, na hindi
napatay sa mga salot na ito, ay hindi nagsipagsisi sa mga
gawa ng kanilang mga kamay, upang huwag sumamba
sa mga demonio, at sa mga diosdiosang ginto, at pilak,
at tanso, at bato, at kahoy; na hindi nangakakakita, ni
nangakaririnig man, ni nangakalalakad man. **21** At sila'y
hindi nagsipagsisi sa kanilang mga pagpatay, kahit man sa
kanilang panggagaway, kahit man sa kanilang pakikiapid,
kahit man sa kanilang pagnanakaw.

**10** At nakita ko ang ibang malakas na anghel na nanaog
na mula sa langit, na nabibihisan ng isang alapaap; at
ang bahaghari ay nasa kaniyang ulo, at ang kaniyang mukha
ay gaya ng araw, at ang kaniyang mga paa ay gaya ng
mga haliging apoy; **2** At may isang maliit na aklat na bukas
sa kaniyang kamay: at itinungtong ang kaniyang kanang
paa sa dagat, at ang kaniyang kaliwa ay sa lupa; **3** At
sumigaw ng malakas na tinig, na gaya ng leon na umaangal:
at pagkasigaw niya, ay ang pitong kulog ay umugong. **4** At
pagkaugong ng pitong kulog, ay isusulat ko sana: at narinig
ko ang isang tinig na mula sa langit, na nagsasabi, Tatakan
mo ang mga bagay na sinalita ng pitong kulog, at huwag
mong isulat. **5** At ang anghel na aking nakita na nakatayo
sa ibabaw ng dagat at sa ibabaw ng lupa ay itinaas ang
kaniyang kanang kamay sa langit, **6** At ipinanumpa yaong
nabubuhay magpakailan kailan man, na lumalang ng langit
at ng mga bagay na naroroon, at ng lupa at ng mga bagay
na naririto, at ng dagat at ng mga bagay na naririto, na
hindi na magluluwat ang panahon: **(aiōn g165)** **7** Kundi sa
mga araw ng tinig ng ikapitong anghel, pagka malapit nang
siya'y humihip, kung magkagayo'y ganap na ang hiwaga
ng Dios, ayon sa mabubuting balita na kaniyang isinaysay
sa kaniyang mga alipin na mga propeta. **8** At ang tinig na
aking narinig na mula sa langit, ay muling nagsalita sa akin,
at nagsabi, Humayo ka, kunin mo ang aklat na bukas na
nasa kamay ng anghel na nakatayo sa ibabaw ng dagat
at sa ibabaw ng lupa. **9** At ako'y naparoon sa anghel na
nagsabi ako sa kaniya na ibigay sa akin ang maliit na aklat.
At kaniyang sinabi sa akin, Kunin mo ito, at ito'y kanin mo; at
papapaitin ang iyong tiyan, datapuwa't sa iyong bibig ay
magiging matamis na gaya ng pulot. **10** At kinuha ko ang
maliit na aklat sa kamay ng anghel, at aking kinain; at sa
aking bibig ay matamis na gaya ng pulot: at nang aking
makain, ay pumait ang aking tiyan. **11** At sinasabi nila sa
akin, Dapat kang manghulang muli sa maraming mga bayan
at mga bansa at mga wika at mga hari.

**11** At binigyan ako ng isang tambong katulad ng isang
panukat: at may isang nagsabi, Magtindig ka, at sukatin
mo ang templo ng Dios, at ang dambana, at ang mga
sumasamba doon. **2** At ang loobang nasa labas ng templo
ay pabayaan mo, at huwag mong sukatin; sapagka't ibinigay
sa mga Gentil; at kanilang yuyurakang apat na pu't dalawang
buwan ang banal na siudad. **3** At may ipagkakaloob ako sa
aking dalawang saksi, at sila'y magsisipanghulang isang libo
at dalawang daan at anim na pung araw, na nararamtan
ng magagaspang na kayo. **4** Ang mga ito'y ang dalawang
punong olibo at ang dalawang kandelero, na nangakatayo
sa harapan ng Panginoon ng lupa. **5** At kung nasain ng
sinoman na sila'y ipahamak, ay apoy ang lumalabas sa
kanilang bibig, at lumalamon sa kanilang mga kaaway; at
kung nasain ng sinoman na sila'y ipahamak ay kailangan
ang mamatay sa ganitong paraan. **6** Ang mga ito'y may
kapangyarihang magsara ng langit, upang huwag umulan sa
loob ng mga araw ng kanilang hula: at may kapangyarihan
sila sa mga tubig na mapaging dugo, at mapahirapan ang
lupa ng bawa't salot sa tuwing kanilang nasain. **7** At pagka
natapos nila ang kanilang patotoo, ang hayop na umahon
mula sa kalaliman ay babaka sa kanila, at pagtatagumpayan
sila, at sila'y papatayin. **(Abyssos g12)** **8** At ang kanilang mga
bangkay ay nasa lansangan ng malaking bayan, na ayon
sa espiritu ay tinatawag na Sodoma at Egipto, na doon din
naman ipinako sa krus ang Panginoon nila. **9** At ang mga
tao mula sa gitna ng mga bayan at mga angkan at mga wika
at mga bansa, ay nanonood sa kanilang mga bangkay na
tatlong araw at kalahati, at hindi itutulot na ang kanilang mga

bangkay ay malibing. 10 At ang mga nananahan sa ibabaw
ng lupa ay mangagagalak tungkol sa kanila, at mangatutuwa;
at sila'y mangagpapadalahan ng mga kaloob; sapagka't ang
dalawang propetang ito ay nagpahirap sa nangananahan sa
ibabaw ng lupa. 11 At pagkatapos ng tatlong araw at kalahati,
ang hininga ng buhay na mula sa Dios ay pumasok sa kanila,
at sila'y nangagsitindig; at dinatnan ng malaking takot ang
mga nakakita sa kanila. 12 At narinig nila ang isang malakas
na tinig na nagsasabi sa kanila, Umakyat kayo rito. At sila'y
umakyat sa langit sa isang alapaap; at pinagmasdan sila ng
kanilang mga kaaway. 13 At nang oras na yaon ay nagkaroon
ng isang malakas na lindol, at nagiba ang ikasangpung
bahagi ng bayan; at may nangamatay sa lindol na pitong
libo katao: at ang mga iba ay nangatatakot, at nangagbigay
ng kaluwalhatian sa Dios ng langit. 14 Nakaraan na ang
ikalawang Pagkaaba: narito, nagmamadaling dumarating ang
ikatlong Pagkaaba. 15 At humihip ang ikapitong anghel; at
nagkaroon ng malalakas na tinig sa langit, at nagsasabi, Ang
kaharian ng sanglibutan ay naging sa ating Panginoon, at sa
kaniyang Cristo: at siya'y maghahari magpakailan kailan
man. **(aiōn g165)** 16 At ang dalawangpu't apat na matatanda
na nakaupo sa kanikaniyang luklukan sa harapan ng Dios
ay nangagpatirapa, at nangagsisamba sa Dios, 17 Na
nangagsasabi, Pinasasalamatan ka namin, Oh Panginoong
Dios, na Makapangyarihan sa lahat, na ikaw ngayon, at
naging ikaw nang nakaraan; sapagka't hinawakan mo ang
iyong dakilang kapangyarihan, at ikaw ay naghari. 18 At
nangagalit ang mga bansa, at dumating ang iyong poot, at
ang panahon ng mga patay upang mangahatulan, at ang
panahon ng pagbibigay mo ng ganting-pala sa iyong mga
alipin na mga propeta, at sa mga banal, at sa mga natatakot
sa iyong pangalan, maliliit at malalaki; at upang ipahamak
mo ang mga nagpapahamak ng lupa. 19 At nabuksan ang
templo ng Dios na nasa langit: at nakita sa kaniyang templo
ang kaban ng kaniyang tipan; at nagkaroon ng mga kidlat, at
mga tinig, at mga kulog, at isang lindol, at malaking granizo.

**12** At ang isang dakilang tanda ay nakita sa langit: isang
babae na nararamtan ng araw, at ang buwan ay nasa
ilalim ng kaniyang mga paa, at sa kaniyang ulo ay may isang
putong na labingdalawang bituin; 2 At siya'y nagdadalang
tao; at siya'y sumisigaw, na nagdaramdam sa panganganak,
at sa hirap upang manganak. 3 At ang ibang tanda ay
nakita sa langit: at narito, ang isang malaking dragong
mapula, na may pitong ulo at sangpung sungay, at sa
kaniyang mga ulo'y may pitong diadema. 4 At kinaladkad
ng kaniyang buntot ang ikatlong bahagi ng mga bituin sa
langit, at ipinaghagis sa lupa: at lumagay ang dragon sa
harapan ng babaing manganganak na, upang lamunin ang
kaniyang anak pagkapanganak niya. 5 At siya'y nanganak
ng isang anak na lalake, na maghahari na may panghampas
na bakal sa lahat ng mga bansa: at ang kaniyang anak
ay inagaw na dinala hanggang sa Dios, at hanggang sa
kaniyang luklukan. 6 At tumakas ang babae sa ilang, na
doon siya'y ipinaghanda ng Dios ng isang dako, upang
doon siya ampuning isang libo dalawang daan at anim na
pung araw. 7 At nagkaroon ng pagbabaka sa langit: si
Miguel at ang kaniyang mga anghel ay nakipagbaka sa
dragon; at ang dragon at ang kaniyang mga anghel ay
nakipagbaka; 8 At hindi sila nanganalo, ni nasumpungan pa
man ang kanilang dako sa langit. 9 At inihagis ang malaking
dragon, ang matandang ahas, ang tinatawag na Diablo
at Satanas, ang dumadaya sa buong sanglibutan; siya'y
inihagis sa lupa, at ang kaniyang mga anghel ay inihagis na
kasama niya. 10 At narinig ko ang isang malakas na tinig sa
langit, na nagsasabi, Ngayo'y dumating ang kaligtasan, at
ang kapangyarihan, at ang kaharian ng ating Dios, at ang
kapamahalaan ng kaniyang Cristo: sapagka't inihagis na
ang tagapagsumbong sa ating mga kapatid na siyang sa
kanila'y nagsusumbong sa harapan ng ating Dios araw at
gabi. 11 At siya'y kanilang dinaig dahil sa dugo ng Cordero,
at dahil sa salita ng kanilang patotoo, at hindi nila inibig
ang kanilang buhay hanggang sa kamatayan. 12 Kaya't
mangagalak kayo, Oh mga langit at kayong nagsisitahan
diyan. Sa aba ng lupa at ng dagat: sapagka't ang diablo'y
bumaba sa inyo, na may malaking galit, sa pagkaalam
niya na kaunting panahon na lamang mayroon siya. 13 At
nang makita ng dragon na siya'y inihagis sa lupa, ay inusig
niya ang babaing nanganak ng sanggol na lalake. 14 At sa
babae'y ibinigay ang dalawang pakpak ng agilang malaki,
upang ilipad sa ilang mula sa harap ng ahas hanggang sa
kaniyang tahanan, na pinagkandilihan sa kaniyang isang
panahon, at mga panahon, at kalahati ng isang panahon. 15
At ang ahas ay nagbuga sa kaniyang bibig sa likuran ng
babae ng tubig na gaya ng isang ilog, upang maipatangay
siya sa agos. 16 At tinulungan ng lupa ang babae, at ibinuka
ang kaniyang bibig at nilamon ang ilog na ibinuga ng dragon
sa kaniyang bibig. 17 At nagalit ang dragon sa babae, at
umalis upang bumaka sa nalabi sa kaniyang binhi, na siyang
nagsisitupad ng mga utos ng Dios, at mga may patotoo ni
Jesus:

**13** At siya'y tumayo sa buhanginan ng dagat. At nakita
ko ang isang hayop na umaahon sa dagat, na may
sangpung sungay at pitong ulo, at sa kanilang mga sungay
ay may sangpung diadema, at sa kaniyang mga ulo ay mga
pangalan ng kapusungan. 2 At ang hayop na aking nakita ay
katulad ng isang leopardo, at ang kaniyang mga paa ay gaya
ng sa oso, at ang kaniyang bibig ay gaya ng bibig ng leon: at
ibinigay sa kaniya ng dragon ang kaniyang kapangyarihan,

at ang kaniyang luklukan, at dakilang kapamahalaan. 3 At
nakita ko ang isa sa kaniyang mga ulo na waring sinugatan
ng ikamamatay; at ang kaniyang sugat na ikamamatay ay
gumaling: at ang buong lupa'y nanggilalas sa hayop; 4 At
sila'y nangagsisamba sa dragon, sapagka't ibinigay niya
ang kaniyang kapamahalaan sa hayop; at nangagsisamba
sa hayop, na nangagsasabi, Sino ang kagaya ng hayop?
at sinong makababaka sa kaniya? 5 At binigyan siya ng
isang bibig na nagsasalita ng malalaking bagay at mga
kapusungan: at binigyan siya ng kapamahalaan, upang
magpatuloy na apat na pu't dalawang buwan. 6 At binuka
niya ang kaniyang bibig sa mga kapusungan laban sa Dios,
upang pusungin ang kaniyang pangalan, at ang kaniyang
tabernakulo, gayon din naman ang mga nananahan sa
langit. 7 At ipinagkaloob sa kaniya na makipagbaka sa
mga banal, at pagtagumpayan sila; at binigyan siya ng
kapamahalaan sa bawa't angkan at bayan at wika at bansa.
8 At ang lahat ng nanganananahan sa lupa ay magsisisamba
sa kaniya, na ang kanikaniyang pangalan ay hindi nasusulat
sa aklat ng buhay ng Cordero na pinatay buhat nang itatag
ang sanglibutan. 9 Kung ang sinoman ay may pakinig, ay
makinig. 10 Kung ang sinoman ay sa pagkabihag, ay sa
pagkabihag paroroon siya: kung ang sinoman ay papatay
sa tabak, ay dapat siyang mamatay sa tabak. Narito ang
pagtitiyaga at ang pananampalataya ng mga banal. 11
At nakita ko ang ibang hayop na umaahon sa lupa; at
may dalawang sungay na katulad ng sa isang kordero,
at siya'y nagsasalitang gaya ng dragon. 12 At kaniyang
isinasagawa ang buong kapamahalaan ng unang hayop sa
kaniyang paningin. At pinasasamba niya ang lupa at ang
nanganananahan dito sa unang hayop, na gumaling ang sugat
na ikamamatay. 13 At siya'y gumagawa ng mga dakilang
tanda, na ano pa't nakapagpapababa ng kahit apoy mula
sa langit hanggang sa lupa sa paningin ng mga tao. 14 At
nadadaya niya ang mga nananahan sa lupa dahil sa mga
tanda na sa kaniya'y ipinagkaloob na magawa sa paningin
ng hayop; na sinasabi sa mga nananahan sa lupa, na dapat
silang gumawa ng isang larawan ng hayop na mayroon ng
sugat ng tabak at nabuhay. 15 At siya'y pinagkaloobang
makapagbigay ng hininga sa larawan ng hayop, upang ang
larawan ng hayop ay makapangusap, at maipapatay naman
ang lahat ng hindi sumasamba sa larawan ng hayop. 16 At
ang lahat, maliliit at malalaki, at mayayaman at mga dukha,
at ang mga laya at ang mga alipin ay pinabigyan ng isang
tanda sa kanilang kanang kamay, o sa noo; 17 At nang
huwag makabili o makapagbili ang sinoman, kundi siyang
mayroong tanda, sa makatuwid ay ng pangalan ng hayop o
bilang ng kaniyang pangalan. 18 Dito'y may karunungan.
Ang may pagkaunawa ay bilangin ang bilang ng hayop;
sapagka't siyang bilang ng isang tao: at ang kaniyang bilang
ay Anim na raan at anim na pu't anim.

14 At tumingin ako, at narito, ang Cordero ay nakatayo sa
bundok ng Sion, at ang kasama niya'y isang daan at
apat na pu't apat na libong may pangalan niya, at pangalan
ng kaniyang Ama, na nasusulat sa kanikaniyang noo. 2 At
narinig ko ang isang tinig na mula sa langit, na gaya ng
lagaslas ng maraming tubig, at gaya ng ugong ng malakas
na kulog: at ang tinig na aking narinig ay gaya ng sa mga
manunugtog ng alpa na tumutugtog ng kanilang mga alpa:
3 At sila'y nangagaawitan na wari'y isang bagong awit sa
harapan ng luklukan, at sa harap ng apat na nilalang na
buhay at ng matatanda: at sinoman ay hindi maaaring matuto
ng awit kundi ang isang daan at apat na pu't apat na libo
lamang, sa makatuwid ay siyang mga binili mula sa lupa. 4
Ang mga ito'y ang hindi nangahawa sa mga babae; sapagka't
sila'y mga malilinis. At ang mga ito'y ang nagsisisunod sa
Cordero saan man siya pumaroon. Ang mga ito'y ang binili
sa gitna ng mga tao, na maging mga pangunahing bunga sa
Dios at sa Cordero. 5 At sa kanikaniyang bibig ay walang
nasumpungang kasinungalingan: sila'y mga walang dungis.
6 At nakita ko ang ibang anghel na lumilipad sa gitna ng
langit, na may mabuting balita na walang hanggan upang
ibalita sa mga nananahan sa lupa, at sa bawa't bansa at
angkan at wika at bayan; (aiōnios g166) 7 At sinasabi niya
ng malakas na tinig, Matakot kayo sa Dios, at magbigay
kaluwalhatian sa kaniya; sapagka't dumating ang panahon
ng kaniyang paghatol: at magsisamba kayo sa gumawa
ng langit at ng lupa at ng dagat at ng mga bukal ng tubig.
8 At ang iba, ang pangalawang anghel, ay sumunod na
nagsasabi, Naguho, naguho ang dakilang Babilonia, na
siyang nagpainom sa lahat na bansa ng alak ng kagalitan ng
kaniyang pakikiapid. 9 At ang ibang anghel, ang pangatlo,
ay sumunod sa kanila, na nagsasabi ng malakas na tinig,
Kung ang sinoman ay sumasamba sa hayop at sa kaniyang
larawan, at tumatanggap ng tanda sa kaniyang noo, o sa
kaniyang kamay, 10 Ay iinom din naman siya ng alak ng
kagalitan ng Dios, na nahahandang walang halo sa inuman
ng kaniyang kagalitan; at siya'y pahihirapan ng apoy at
asupre sa harapan ng mga banal na anghel, at sa harapan
ng Cordero: 11 At ang usok ng hirap nila ay napaiilanglang
magpakailan kailan man; at sila'y walang kapahingahan
araw at gabi, silang mga nagsisisamba sa hayop at sa
kaniyang larawan, at sinomang tumatanggap ng tanda ng
kaniyang pangalan. (aiōn g165) 12 Narito ang pagtitiyaga ng
mga banal, ng mga nagsisitupad ng mga utos ng Dios, at ng
pananampalataya kay Jesus. 13 At narinig ko ang isang tinig
na mula sa langit na nagsasabi, Isulat mo, Mapapalad ang
mga patay na nangamamatay sa Panginoon mula ngayon:

oo, sinasabi ng Espiritu, upang sila'y mangagpahinga sa
kanilang mga gawa; sapagka't ang kanilang mga gawa ay
sumusunod sa kanila. 14 At nakita ko, at narito, ang isang
alapaap na maputi; at nakita ko na nakaupo sa alapaap
ang isang katulad ng isang anak ng tao, na sa kaniyang
ulo'y may isang putong na ginto, at sa kaniyang kamay ay
may isang panggapas na matalas. 15 At lumabas ang ibang
anghel sa templo, na sumisigaw ng malakas na tinig doon
sa nakaupo sa alapaap, Ihulog mo ang iyong panggapas, at
gumapas ka; sapagka't dumating ang oras ng paggapas,
sapagka't ang aanihin sa lupa ay hinog na. 16 At inihagis ng
nakaupo sa alapaap ang kaniyang panggapas sa lupa; at
ang lupa ay nagapasan. 17 At lumabas ang ibang anghel
sa templong nasa langit, na may panggapas din namang
matalas. 18 At ang ibang anghel ay lumabas sa dambana,
na siyang may kapangyarihan sa apoy, at tinawagan ng
malakas na tinig yaong may panggapas na matalas, na
sinasabi, Ihulog mo ang iyong panggapas na matalas, at
putihin mo ang mga buwig sa ubasan sa lupa; sapagka't
ang kaniyang mga ubas ay mga hinog na. 19 At inihagis ng
anghel ang kaniyang panggapas sa lupa, at pinuti ang mga
ubas sa lupa, at inihagis sa pisaan ng ubas, sa malaking
pisaan ng kagalitan ng Dios. 20 At nayurakan ang pisaan ng
ubas sa labas ng bayan, at lumabas sa pisaan ng ubas ang
dugo, na umapaw hanggang sa mga preno ng mga kabayo,
sa lawak na isang libo at anim na raang estadio.

**15** At nakita ko ang ibang tanda sa langit, dakila at
kagilagilalas. Pitong anghel na may pitong salot, na
siyang mga panghuli, sapagka't sa mga yao'y magaganap
ang kagalitan ng Dios. 2 At nakita ko ang gaya ng isang dagat
na bubog na may halong apoy, at yaong nangagtagumpay
sa hayop, at sa kaniyang larawan, at sa bilang ng kaniyang
pangalan, ay nangakatayo sa tabi ng dagat na bubog, na
may mga alpa ng Dios. 3 At inaawit nila ang awit ni Moises
na alipin ng Dios, at ang awit ng Cordero, na sinasabi, Mga
dakila at kagilagilalas ang iyong mga gawa, Oh Panginoong
Dios, na Makapangyarihan sa lahat; matuwid at tunay ang
iyong mga daan, ikaw na Hari ng mga bansa. 4 Sinong
hindi matatakot, Oh Panginoon, at luluwalhatiin ang iyong
pangalan? sapagka't ikaw lamang ang banal; sapagka't
ang lahat ng mga bansa ay darating at magsisisamba sa
harapan mo; sapagka't ang iyong mga matuwid na gawa
ay nangahayag. 5 At pagkatapos ng mga bagay na ito ay
tumingin ako, at ang santuario ng tabernakulo ng patotoo
sa langit ay nabuksan. 6 At sa santuario ay nagsilabas
ang pitong anghel na may pitong salot, na nararamtan ng
mahalagang bato, tunay at makintab, at nangabibigkisan
ng gintong pamigkis ang kanilang mga dibdib. 7 At isa sa
apat na nilalang na buhay ay nagbigay sa pitong anghel ng
pitong mangkok na ginto na puno ng kagalitan ng Dios, na
siyang nabubuhay magpakailan kailan man. **(aiōn g165)** 8 At
napuno ng usok ang santuario mula sa kaluwalhatian ng
Dios, at sa kaniyang kapangyarihan; at sinoman ay hindi
nakapasok sa santuario, hanggang sa matapos ang pitong
salot ng pitong anghel.

**16** At narinig ko ang isang malakas na tinig na mula sa
santuario, na nagsasabi sa pitong anghel, Humayo
kayo, at ibuhos ninyo ang pitong mangkok ng kagalitan
ng Dios sa lupa. 2 At humayo ang una, at ibinuhos ang
kaniyang mangkok sa lupa; at naging sugat na masama
at mabigat sa mga taong may tanda ng hayop na yaon,
at nangagsisamba sa kaniyang larawan. 3 At ibinuhos ng
ikalawa ang kaniyang mangkok sa dagat; at naging dugo
na gaya ng isang patay; at bawa't kaluluwang may buhay,
sa makatuwid ay ang nangasa dagat ay nangamatay. 4 At
ibinuhos ng ikatlo ang kaniyang mangkok sa mga ilog at sa
mga bukal ng tubig; at nangaging dugo. 5 At narinig ko ang
anghel ng tubig na nagsasabi, Matuwid ka, na ngayon at
nang nakaraan, Oh Banal, sapagka't humatol ka na gayon;
6 Sapagka't ibinuhos nila ang dugo ng mga banal at ng mga
propeta, at pinainom mo sila ng dugo; ito'y karapatdapat sa
kanila. 7 At narinig ko ang dambana na nagsasabi, Oo, Oh
Panginoong Dios, na Makapangyarihan sa lahat, tunay at
matuwid ang iyong mga hatol. 8 At ibinuhos ng ikaapat ang
kaniyang mangkok sa araw; at ibinigay nito sa kaniya ng
masunog ng apoy ang mga tao. 9 At nangasunog ang mga
tao sa matinding init: at sila'y namusong sa pangalan ng
Dios na may kapangyarihan sa mga salot na ito; at hindi
sila nangagsisi upang siya'y luwalhatiin. 10 At ibinuhos ng
ikalima ang kaniyang mangkok sa luklukan ng hayop na
yaon; at nagdilim ang kaniyang kaharian; at nginatngat nila
ang kanilang mga dila dahil sa hirap, 11 At sila'y namusong
sa Dios ng langit dahil sa kanilang mga hirap at sa kanilang
mga sugat; at hindi sila nangagsisi sa kanilang mga gawa. 12
At ibinuhos ng ikaanim ang kaniyang mangkok sa malaking
ilog na Eufrates; at natuyo ang tubig nito, upang mahanda
ang dadaanan ng mga haring mula sa sikatan ng araw. 13
At nakita kong lumabas sa bibig ng dragon, at sa bibig ng
hayop, at sa bibig ng bulaang propeta, ang tatlong espiritung
karumaldumal, na gaya ng mga palaka: 14 Sapagka't sila'y
mga espiritu ng mga demonio, na nagsisigawa ng mga tanda;
na pinaparoonan nila ang mga hari sa buong sanglibutan,
upang tipunin sa pagbabaka sa dakilang araw ng Dios, na
Makapangyarihan sa lahat. 15 (Narito, ako'y pumaparitong
gaya ng magnanakaw. Mapalad siyang nagpupuyat, at
nagiingat ng kaniyang mga damit, na baka siya'y lumakad na
hubad, at makita nila ang kaniyang kahihiyan.) 16 At tinipon
sila sa dako na sa Hebreo ay tinatawag na Armagedon. 17

At ibinuhos ng ikapito ang kaniyang mangkok sa hangin;
at lumabas sa santuario ang isang malakas na tinig, mula
sa luklukan na nagsasabi, Nagawa na: **18** At nagkaroon
ng mga kidlat, at mga tinig, at mga kulog; at nagkaroon ng
malakas na lindol, na di nangyari kailan man mula nang
magkatao sa lupa, isang lindol na lubhang malakas, lubhang
kakilakilabot. **19** At ang dakilang bayan ay nabahagi sa tatlo,
at ang mga bayan ng mga bansa ay nangaguho: at ang
dakilang Babilonia ay napagalaala sa paningin ng Dios,
upang siya'y bigyan ng inuman ng alak ng kabagsikan ng
kaniyang kagalitan. **20** At tumakas ang bawa't pulo, at ang
mga bundok ay hindi nangasumpungan. **21** At malaking
granizo na kasinglaki ng talento ay lumagpak sa mga tao
buhat sa langit, at namusong ang mga tao sa Dios dahil
sa salot na granizo; sapagka't ang salot na ito ay lubhang
malaki.

**17** At dumating ang isa sa pitong anghel na may pitong
mangkok, at nagsalita sa akin, na nagsasabi, Pumarito
ka, ipakikita ko sa iyo ang hatol sa bantog na patutot na
nakaupo sa maraming tubig; **2** Na siyang pinakiapiran ng
mga hari sa lupa, at ang mga nananahan sa lupa ay nalasing
sa alak ng kaniyang pakikiapid. **3** At ako'y kaniyang dinalang
nasa Espiritu sa isang ilang: at nakita ko ang isang babae
na nakasakay sa isang hayop na pula, na puno ng mga
pangalang pamumusong, na may pitong ulo at sangpung
sungay. **4** At nararamtan ang babae ng kulay-ube at ng pula,
at nahihiyasan ng ginto at ng mga mahalagang bato at mga
perlas, na sa kaniyang kamay ay may isang sarong ginto na
puno ng mga kasuklamsuklam, at ng mga bagay na marurumi
ng kaniyang pakikiapid, **5** At sa kaniyang noo ay nakasulat
ang isang pangalan, HIWAGA, DAKILANG BABILONIA, INA
NG MGA PATUTOT AT NG MGA KASUKLAMSUKLAM SA
LUPA. **6** At nakita ko ang babae na lasing sa dugo ng mga
banal, at sa dugo ng mga martir ni Jesus. At nang aking
makita siya ay nanggilalas ako ng malaking panggigilalas. **7**
At sinabi sa akin ng anghel, Bakit ka nanggilalas? Sasabihin
ko sa iyo ang hiwaga ng babae, at ng hayop na sinasakyan
niya, na may pitong ulo at sangpung sungay. **8** At ang
hayop na nakita mo ay naging siya, at wala na; at malapit
ng umahon sa kalaliman, at patungo sa kapahamakan. At
silang mga nananahan sa lupa ay manggigilalas na ang
kanilang pangalan ay hindi nakasulat sa aklat ng buhay
mula nang itatag ang sanglibutan, pagkakita nila sa hayop,
kung paano naging siya at wala na, at darating. **(Abyssos
g12)** **9** Narito ang pagiisip na may karunungan. Ang pitong
ulo ay pitong bundok na kinauupuan ng babae: **10** At sila'y
pitong hari; ang lima ay nanga buwal, ang isa'y narito, ang
isa ay hindi pa dumarating; at pagdating niya ay dapat
magtagal na sangdaling panahon. **11** At ang hayop na
naging siya, at wala na, ay siya ring ikawalo at siya'y sa pito
at siya'y patungo sa kapahamakan. **12** At ang sangpung
sungay na iyong nakita ay sangpung hari, na hindi pa
nagsisitanggap ng kaharian; datapuwa't magsisitanggap sila
ng kapamahalaang paghahari na isang oras na kasama ng
hayop. **13** Ang mga ito ay may isang kaisipan, at ibinibigay
nila ang kanilang kapangyarihan at kapamahalaan sa hayop.
**14** Makikipagbaka ang mga ito laban sa Cordero, at sila'y
dadaigin ng Cordero, sapagka't siya'y Panginoon ng mga
panginoon at Hari ng mga Hari; at ng mga kasama niya, na
mga tinawag at mga pili at mga tapat ay nananaig din. **15** At
sinabi niya sa akin, Ang tubig na iyong nakita, na kinauupuan
ng patutot, ay mga bayan, at mga karamihan, at mga bansa,
at mga wika. **16** At ang sangpung sungay na iyong nakita,
at ang hayop, ay siyang nangapopoot sa patutot, at siya'y
pababayaan at huhubaran, at kakanin ang kaniyang laman,
at siya'y lubos na susupukin ng apoy. **17** Sapagka't inilagay
ng Dios sa kanilang mga puso na gawin ang kaniyang
kaisipan, at mangagkaisa ng kaisipan, at ibigay ang kanilang
kaharian sa hayop, hanggang sa maganap ang mga salita
ng Dios. **18** At ang babae na iyong nakita ay ang dakilang
bayan, na naghahari sa mga hari sa lupa.

**18** Pagkatapos ng mga bagay na ito ay nakita ko ang
ibang anghel na nananaog mula sa langit, na may
dakilang kapamahalaan; at ang lupa ay naliwanagan ng
kaniyang kaluwalhatian. **2** At siya'y sumigaw ng malakas
na tinig, na nagsasabi, Naguho, naguho ang dakilang
Babilonia, at naging tahanan ng mga demonio, at kulungan
ng bawa't espiritung karumaldumal, at kulungan ng bawa't
karumaldumal at kasuklamsuklam na mga ibon. **3** Sapagka't
dahil sa alak ng galit ng kaniyang pakikiapid ay nangaguho
ang lahat ng mga bansa; at ang mga hari sa lupa ay
nangakiapid sa kaniya, at ang mga mangangalakal sa
lupa ay nagsiyaman dahil sa kapangyarihan ng kaniyang
kalayawan. **4** At narinig ko ang ibang tinig na mula sa
langit, na nagsasabi, Mangagsilabas kayo sa kaniya, bayan
ko, upang huwag kayong mangaramay sa kaniyang mga
kasalanan, at huwag kayong magsitanggap ng kaniyang mga
salot: **5** Sapagka't ang kaniyang mga kasalanan ay umabot
hanggang sa langit at naalaala ng Dios ang kaniyang mga
katampalasanan. **6** Ibigay din ninyo ang ayon sa ibinigay
niya sa inyo, at ibayuhin ninyo ng ibayo sa kaniyang mga
gawa: sa sarong kaniyang pinaghaluan ay ipaghalo ninyo
siya ng ibayo. **7** Kung gaano ang pagkakapagmapuri, at
pagkapamuhay na malayaw, ay gayon din naman ang ibigay
ninyo sa kaniyang pahirap at pagluluksa: sapagka't sinasabi
niya sa kaniyang puso, Ako'y nakaupong reina, at hindi ako
bao, at hindi ko makikita kailan man ang pagluluksa. **8** Kaya't
darating sa isang araw ang mga salot sa kaniya, kamatayan

at pagluluksa, at gutom; at siya'y lubos na susunugin sa
apoy; sapagka't malakas ang Panginoong Dios na humatol
sa kaniya. **9** At ang mga hari sa lupa, na nangakiapid at
nangabuhay na malayaw na kasama niya, ay mangagsisiiyak
at mangagsisitaghoy tungkol sa kaniya, pagkakita nila ng
usok ng kaniyang pagkasunog, **10** At nangakatayo sa malayo
dahil sa takot sa pahirap sa kaniya, na nangagsasabi, Sa
aba, sa aba ng dakilang bayang Babilonia, ng bayang
matibay! sapagka't sa isang oras ay dumating ang hatol sa
iyo. **11** At ang mga mangangalakal sa lupa ay mangagsisiiyak
at mangagluluksa tungkol sa kaniya, sapagka't wala nang
bibili pa ng kaniyang kalakal; **12** Ng kalakal na ginto at
pilak, at mahalagang bato, at mga perlas, at mainam na
lino, at kayong kulay ube, at sutla, at kayong pula; at
sarisaring mababangong kahoy, at bawa't kasangkapang
garing, at bawa't kasangkapang mahalagang kahoy, at tanso,
at bakal, at marmol; **13** At kanela, at especias, at incienso, at
ungguento, at kamangyan, at alak, at langis, at mainam na
harina, at trigo, at mga baka, at mga tupa; at kalakal na mga
kabayo at mga karo, at mga alipin; at mga kaluluwa ng mga
tao. **14** At ang mga bungang pinipita mo ay nangapalayo
sa iyo, at lahat ng mga bagay na maiinam at mariringal
ay nangalipol sa iyo, at hindi na mangasusumpungan
pa. **15** Ang mga mangangalakal ng mga bagay na ito,
na nangagsiyaman dahil sa kaniya, ay mangagsisitayo sa
malayo dahil sa takot sa pahirap sa kaniya, na nagsisiiyak
at nagsisipagluksa; **16** Na nangagsasabi, Sa aba, sa aba,
niyaong dakilang bayan, siya na nararamtan ng mahalagang
lino at ng kayong kulay ube, at pula, at napapalamutihan
ng ginto at ng mahalagang bato at ng perlas! **17** Sapagka't
sa loob ng isang oras ay nalipol ang gayong malaking
kayamanan. At bawa't pinunong daong, at bawa't naglalayag
saan mang dako, at ang mga mangdaragat, at lahat
ng nagsisipaghanap-buhay sa dagat, ay nangakatayo sa
malayo, **18** At nangagsisisigaw pagkakita sa usok ng
kaniyang pagkasunog, na nangagsasabi, Anong bayan ang
katulad ng dakilang bayan? **19** At sila'y nangagbubuhos ng
alabok sa kanilang mga ulo, at nagsisigawan, na nagiiyakan
at nagtataghuyan, na nangagsasabi, Sa aba, sa aba, ang
dakilang bayan, na siyang iniyaman ng lahat na may mga
daong sa dagat dahil sa kaniyang mga kayamanan! sapagka't
sa loob ng isang oras ay nalipol. **20** Magalak ka tungkol
sa kaniya, Oh langit, at kayong mga banal, at kayong mga
apostol, at kayong mga propeta; sapagka't inihatol ng Dios
ang inyong hatol sa kaniya. **21** At dinampot ng isang anghel
na malakas ang isang bato, na gaya ng isang malaking
gilingang bato, at inihagis sa dagat, na sinasabi, Gayon sa
isang kakilakilabot na pagkahulog, igigiba ang Babilonia,
ang dakilang bayan, at hindi na masusumpungan pa. **22** At
ang tinig ng mga manunugtog ng alpa, at ng mga musiko
at ng mga manunugtog ng plauta, at ng mga manunugtog
ng pakakak ay hindi na maririnig pa sa iyo; at wala nang
manggagawa ng anomang gawa ay masusumpungan pa sa
iyo; at ang ugong ng gilingan ay hindi na maririnig pa sa iyo;
**23** At ang ilaw ng ilawan ay hindi na liliwanag pa sa iyo, at ang
tinig ng kasintahang lalake at ng kasintahang babae ay hindi
na maririnig pa sa iyo; sapagka't ang mga mangangalakal mo
ay naging mga pangulo sa lupa; sapagka't dinaya ng iyong
panggagaway ang lahat ng mga bansa. **24** At nasumpungan
sa kaniya ang dugo ng mga propeta, at ng mga banal, at ng
lahat ng mga pinatay sa lupa.

**19** Pagkatapos ng mga bagay na ito ay narinig ko ang
gaya ng isang malaking tinig ng isang makapal na
karamihan sa langit, na nagsasabi, Aleluya; Kaligtasan,
at kaluwalhatian, at kapangyarihan, ay nauukol sa ating
Dios: **2** Sapagka't tunay at matuwid ang kaniyang mga
paghatol; sapagka't hinatulan niya ang bantog na patutot, na
siyang nagpasama sa lupa ng kaniyang pakikiapid, at iginanti
niya ang dugo ng kaniyang mga alipin sa pamamagitan ng
kaniyang kamay. **3** At sila'y muling nangagsabi, Aleluya.
At ang usok niya ay napaiilanglang magpakailan kailan
man. **(aiōn g165)** **4** At nangagpatirapa ang dalawangpu't
apat na matatanda at ang apat na nilalang na buhay,
at nangagsisamba sa Dios na nakaupo sa luklukan, na
nangagsasabi, Siya nawa; Aleluya. **5** At lumabas ang isang
tinig sa luklukan, na nagsasabi, Purihin ninyo ang ating
Dios, ninyong lahat na mga lingkod niya, ninyong lahat na
mga natatakot sa kaniya, maliliit at malalaki. **6** At narinig ko
ang gaya ng isang tinig ng isang makapal na karamihan,
at gaya ng lagaslas ng maraming tubig, at gaya ng ugong
ng malalakas na kulog na nagsasabi, Aleluya: sapagka't
naghahari ang Panginoong ating Dios na Makapangyarihan
sa lahat. **7** Tayo'y mangagalak at tayo'y mangagsayang
mainam, at siya'y ating luwalhatiin; sapagka't dumating
ang pagkakasal ng Cordero, at ang kaniyang asawa ay
nahahanda na. **8** At sa kaniya'y ipinagkaloob na damtan
ang kaniyang sarili ng mahalagang lino, makintab at tunay;
sapagka't ang mahalagang lino ay siyang mga matuwid na
gawa ng mga banal. **9** At sinasabi niya sa akin, Isulat mo,
Mapapalad ang mga inanyayahan sa paghapon sa kasalan
ng Cordero. At sinasabi niya sa akin, Ang mga ito'y siyang
tunay na mga salita ng Dios. **10** At ako'y nagpatirapa sa
kaniyang paanan upang siya'y aking sambahin. At sinasabi
niya sa akin, Ingatan mong huwag gawin iyan: ako'y kapuwa
mo alipin at ng iyong mga kapatid na mayroong patotoo
ni Jesus: sumamba ka sa Dios: sapagka't ang patotoo
ni Jesus ay siyang espiritu ng hula. **11** At nakita kong
bukas ang langit; at narito, ang isang kabayong maputi,

at yaong nakasakay dito ay tinatawag na Tapat at Totoo;
at sa katuwiran siya'y humahatol at nakikipagbaka. **12** At
ang kaniyang mga mata ay ningas ng apoy, at sa kaniyang
ulo ay maraming diadema; at siya'y may isang pangalang
nakasulat, na sinoman ay di nakaaalam kundi siya rin. **13**
At siya'y nararamtan ng damit na winisikan ng dugo: at
ang kaniyang pangalan ay tinatawag na Ang Verbo ng
Dios. **14** At ang mga hukbong nasa langit ay sumusunod
sa kaniya na mga nakasakay sa mga kabayong puti, at
nangararamtan ng mahalagang linong maputi at dalisay.
**15** At sa kaniyang bibig ay lumalabas ang isang tabak na
matalas, upang sa pamamagitan nito'y sugatan niya ang
mga bansa: at kaniyang paghaharian ng tungkod na bakal:
at niyuyurakan niya ang pisaan ng ubas ng kabangisan ng
kagalitan ng Dios na Makapangyarihan sa lahat. **16** At siya'y
mayroong isang pangalang nakasulat sa kaniyang damit at
sa kaniyang hita, HARI NG MGA HARI AT PANGINOON
NG MGA PANGINOON. **17** At nakita kong nakatayo ang
isang anghel sa araw; na siya'y sumisigaw ng malakas na
tinig, na nagsasabi sa lahat ng mga ibong lumilipad sa gitna
ng himpapawid, Halikayo at mangagkatipon sa dakilang
hapunan ng Dios; **18** Upang kayo'y makakain ng laman
ng mga hari, at ng laman ng mga pangulong kapitan, at
ng laman ng mga taong makapangyarihan, at ng laman
ng mga kabayo at ng mga nakasakay dito, at ng laman
ng lahat ng mga taong laya at mga alipin man, at maliliit
at malalaki. **19** At nakita ko ang hayop, at ang mga hari
sa lupa, at ang kanilang mga hukbo, na nangagkakatipon
upang makipagbaka laban doon sa nakasakay sa kabayo, at
laban sa kaniyang hukbo. **20** At sinunggaban ang hayop,
at kasama niya ang bulaang propeta na gumawa ng mga
tanda sa harapan nito, na siyang ipinangdaya sa mga
nagsitanggap ng tanda ng hayop at sa mga sumamba sa
larawan nito: ang dalawang ito ay inihagis na buhay sa
dagatdagatang apoy na nagliliyab sa asupre: **(Limnē Pyr g3041
g4442)** **21** At ang mga iba ay pinatay sa tabak na lumalabas
sa bibig niyaong nakasakay sa kabayo, at ang lahat ng mga
ibon ay nangabusog ng mga laman nila.


**20** At nakita ko ang isang anghel na nananaog mula sa
langit, na may susi ng kalaliman at isang malaking
tanikala sa kaniyang kamay. **(Abyssos g12)** **2** At sinunggaban
niya ang dragon, ang matandang ahas, na siyang Diablo
at Satanas, at ginapos na isang libong taon, **3** At siya'y
ibinulid sa kalaliman at sinarhan, at tinatakan ito sa ibabaw
niya, upang huwag ng magdaya sa mga bansa, hanggang
sa maganap ang isang libong taon: pagkatapos nito ay
kailangang siya'y pawalang kaunting panahon. **(Abyssos g12)**
**4** At nakakita ako ng mga luklukan, at may mga nagsisiluklok
sa mga ito, sila'y pinagkalooban ng paghatol: at nakita
ko ang mga kaluluwa ng mga pinugutan ng ulo dahil sa
patotoo ni Jesus, at dahil sa salita ng Dios, at ang mga
hindi sumamba sa hayop, o sa kaniyang larawan man, at
hindi tumanggap ng tanda sa kanilang noo at sa kanilang
kamay; at sila'y nangabuhay, at nagsipagharing kasama
ni Cristo sa loob ng isang libong taon. **5** Ang mga iba sa
mga patay ay hindi nangabuhay hanggang sa naganap ang
isang libong taon. Ito ang unang pagkabuhay na maguli. **6**
Mapalad at banal ang makalakip sa unang pagkabuhay na
maguli: sa mga ito'y walang kapangyarihan ang ikalawang
kamatayan; kundi sila'y magiging mga saserdote ng Dios at
ni Cristo, at mangaghaharing kasama niya sa loob ng isang
libong taon. **7** At kung maganap na ang isang libong taon, si
Satanas ay kakalagan sa kaniyang bilangguan, **8** At lalabas
upang dumaya sa mga bansa na nasa apat na sulok ng
lupa, sa Gog at sa Magog, upang tipunin sila sa pagbabaka:
na ang bilang nila ay gaya ng buhangin sa dagat. **9** At
nangagsipanhik sila sa kalaparan ng lupa, at kinubkob ang
kampamento ng mga banal, at ang bayang iniibig: at bumaba
ang apoy mula sa langit, at sila'y nasupok. **10** At ang diablo
na dumaya sa kanila ay ibinulid sa dagatdagatang apoy at
asupre, na kinaroroonan din naman ng hayop at ng bulaang
propeta; at sila'y pahihirapan araw at gabi magpakailan
kailan man. **(aiōn g165, Limnē Pyr g3041 g4442)** **11** At nakita ko
ang isang malaking luklukang maputi, at ang nakaluklok
doon, na sa kaniyang harapan, ang lupa at ang langit ay
tumakas; at walang nasumpungang kalalagyan nila. **12** At
nakita ko ang mga patay, malalaki at maliliit, na nangakatayo
sa harapan ng luklukan; at nangabuksan ang mga aklat: at
nabuksan ang ibang aklat, na siyang aklat ng buhay: at ang
mga patay ay hinatulan ayon sa mga bagay na nasusulat
sa mga aklat, ayon sa kanilang mga gawa. **13** At ibinigay
ng dagat ang mga patay na nasa kaniya; at ibinigay ng
kamatayan at ng Hades ang mga patay na nasa kanila: at
sila'y hinatulan bawa't tao ayon sa kanikaniyang mga gawa.
**(Hadēs g86)** **14** At ang kamatayan at ang Hades ay ibinulid
sa dagatdagatang apoy. Ito ang ikalawang kamatayan, sa
makatuwid ay ang dagatdagatang apoy. **(Hadēs g86, Limnē Pyr
g3041 g4442)** **15** At kung ang sinoman ay hindi nasumpungang
nakasulat sa aklat ng buhay, ay ibinulid sa dagatdagatang
apoy. **(Limnē Pyr g3041 g4442)**

**21** At nakita ko ang isang bagong langit at ang isang
bagong lupa: sapagka't ang unang langit at ang unang
lupa ay naparam; at ang dagat ay wala na. **2** At nakita ko ang
bayang banal, ang bagong Jerusalem, na nananaog mula sa
langit buhat sa Dios, na nahahandang gaya ng isang babaing
kasintahan na nagagayakang talaga sa kaniyang asawa. **3**
At narinig ko ang isang malakas na tinig na mula sa luklukan,
na nagsasabi, Narito, ang tabernakulo ng Dios ay nasa mga

tao, at siya'y mananahan sa kanila, at sila'y magiging mga
bayan niya, at ang Dios din ay sasa kanila, at magiging
Dios nila: **4** At papahirin niya ang bawa't luha sa kanilang
mga mata; at hindi na magkakaroon ng kamatayan; hindi na
magkakaroon pa ng dalamhati, o ng pananambitan man, o
ng hirap pa man: ang mga bagay nang una ay naparam
na. **5** At yaong nakaluluklok sa luklukan ay nagsabi, Narito,
ginagawa kong bago ang lahat ng mga bagay. At sinabi niya,
Isulat mo: sapagka't ang mga salitang ito ay tapat at tunay.
**6** At sinabi niya sa akin, Nagawa na. Ako ang Alpha at ang
Omega, ang pasimula at ang wakas. Ang nauuhaw ay aking
paiinuming walang bayad sa bukal ng tubig ng buhay. **7**
Ang magtagumpay ay magmamana ng mga bagay na ito; at
ako'y magiging Dios niya, at siya'y magiging anak ko. **8**
Nguni't sa mga duwag, at sa mga hindi mananampalataya,
at sa mga kasuklamsuklam, at sa mga mamamatay-tao, at
sa mga mapakiapid, at sa mga manggagaway, at sa mga
mapagsamba sa diosdiosan, at sa lahat na mga sinungaling,
ang kanilang bahagi ay sa dagatdagatang nagniningas sa
apoy at asupre; na siyang ikalawang kamatayan. **(Limnē
Pyr g3041 g4442)** **9** At dumating ang isa sa pitong anghel
na may pitong mangkok, na mga puno ng pitong huling
salot; at nagsalita sa akin, na nagsasabi, Halika, ipakikita
ko sa iyo ang babaing kasintahan, ang asawa ng Cordero.
**10** At dinala niya akong nasa Espiritu sa isang malaki at
mataas na bundok, at ipinakita sa akin ang bayang banal
na Jerusalem, na nananaog mula sa langit buhat sa Dios,
**11** Na may kaluwalhatian ng Dios: ang kaniyang ilaw ay
katulad ng isang totoong mahalagang bato, na gaya ng
batong jaspe, na malinaw na gaya ng salamin: **12** Na may
isang malaki at mataas na kuta; na may labingdalawang
pintuan, at sa mga pintuan ay labingdalawang anghel; at
may mga pangalang nakasulat sa mga yaon, na siyang
sa labingdalawang angkan ng mga anak ng Israel: **13**
Sa silanganan ay may tatlong pintuan; at sa hilagaan ay
may tatlong pintuan; at sa timugan ay may tatlong pintuan;
at sa kalunuran ay may tatlong pintuan. **14** At ang kuta
ng bayan ay may labingdalawang pinagsasaligan, at sa
mga ito'y ang labingdalawang pangalan ng labingdalawang
apostol ng Cordero. **15** At ang nakikipagusap sa akin ay
may panukat na tambong ginto upang sukatin ang bayan,
at ang mga pintuan nito, at ang kuta nito. **16** At ang
pagkatayo ng bayan ay parisukat, at ang kaniyang haba
ay gaya ng kaniyang luwang: at sinukat niya ng tambo
ang bayan, ay labingdalawang libong estadio: ang haba
at ang luwang at ang taas nito ay magkakasukat. **17** At
sinukat niya ang kuta nito, ay isang daan at apat na pu't
apat na siko, ayon sa sukat ng tao, sa makatuwid baga'y
ng isang anghel. **18** At ang malaking bahagi ng kuta niya
ay jaspe: at ang bayan ay dalisay na ginto, na katulad ng
malinis na bubog. **19** Ang mga pinagsasaligan ng kuta ng
bayan ay may pamuting sarisaring mahahalagang bato. Ang
unang pinagsasaligan ay jaspe; ang ikalawa ay zafiro; ang
ikatlo ay calcedonia; ang ikaapat ay esmeralda; **20** Ang
ikalima ay sardonica; ang ikaanim ay sardio; ang ikapito ay
crisolito; ang ikawalo ay berilo; ang ikasiyam ay topacio;
ang ikasangpu ay crisopasio; ang ikalabingisa ay jacinto;
ang ikalabingdalawa ay amatista. **21** At ang labingdalawang
pintuan ay labingdalawang perlas; at bawa't pinto ay isang
perlas; at ang lansangan ng bayan ay dalisay na ginto,
na gaya ng nanganganinag na bubog. **22** At hindi ako
nakakita ng templo doon: sapagka't ang Panginoong Dios,
ang Makapangyarihan sa lahat, at ang Cordero ay siyang
templo doon. **23** At ang bayan ay hindi nangangailangan
ng araw, o ng buwan man, upang lumiwanag sa kaniya:
sapagka't nililiwanagan ng kaluwalhatian ng Dios, at ang
ilaw doon ay ang Cordero. **24** At ang mga bansa ay lalakad
sa pamamagitan ng liwanag nito: at ang mga hari sa lupa ay
mangagdadala ng kanilang karangalan sa loob niyaon. **25** At
ang mga pintuan niyaon ay hindi ilalapat kailan man sa araw
(sapagka't hindi magkakaroon doon ng gabi): **26** At dadalhin
nila sa loob niyaon ang karangalan at kapurihan ng mga
bansa: **27** At hindi papasok doon sa anomang paraan ang
anomang bagay na karumaldumal, o siyang gumagawa ng
kasuklamsuklam at ng kasinungalingan: kundi yaon lamang
na mga nakasulat sa aklat ng buhay ng Cordero.

**22** At ipinakita niya sa akin ang isang ilog ng tubig ng
buhay, na maningning na gaya ng bubog, na lumalabas
sa luklukan ng Dios at ng Cordero, **2** Sa gitna ng lansangang
yaon. At sa dako rito ng ilog, at sa ibayo nito, naroon ang
punong kahoy ng buhay, na namumunga ng labingdalawang
iba't ibang bunga, na namumunga sa bawa't buwan: at
ang mga dahon ng punong kahoy ay pangpagaling sa
mga bansa. **3** At hindi na magkakaroon pa ng sumpa: at
ang luklukan ng Dios at ng Cordero ay naroroon: at siya'y
paglilingkuran ng kaniyang mga alipin; **4** At makikita nila ang
kaniyang mukha; at ang kaniyang pangalan ay sasa kanilang
mga noo. **5** At hindi na magkakaroon pa ng gabi, at sila'y
hindi nangangailangan ng liwanag ng ilawan, ni ng liwanag
man ng araw; sapagka't liliwanagan sila ng Panginoong
Dios: at sila'y maghahari magpakailan kailan man. **(aiōn
g165)** **6** At sinabi niya sa akin, Ang mga salitang ito'y tapat
at tunay, at ang Panginoon, ang Dios ng mga espiritu ng
mga propeta, ay nagsugo ng kaniyang anghel upang ipakita
sa kaniyang mga alipin ang mga bagay na kinakailangang
mangyari madali. **7** At narito, ako'y madaling pumaparito.
Mapalad ang tumutupad ng mga salita ng hula ng aklat
na ito. **8** At akong si Juan, ako ang nakarinig at nakakita

ng mga bagay na ito. At nang aking marinig at makita, ay
nagpatirapa ako upang sumamba sa harapan ng anghel na
nagpakita sa akin ng mga bagay na ito. **9** At sinasabi niya
sa akin, Ingatan mong huwag gawin iyan: ako'y kapuwa
mo alipin at ng iyong mga kapatid na mga propeta, at ng
mga tumutupad ng mga salita ng aklat na ito: sumamba
ka sa Dios. **10** At sinasabi niya sa akin, Huwag mong
tatakan ang mga salita ng hula ng aklat na ito; sapagka't
malapit na ang panahon. **11** Ang liko, ay magpakaliko pa:
at ang marumi, ay magpakarumi pa: at ang matuwid, ay
magpakatuwid pa: at ang banal, ay magpakabanal pa. **12**
Narito, ako'y madaling pumaparito; at ang aking ganting-pala
ay nasa akin, upang bigyan ng kagantihan ang bawa't isa
ayon sa kaniyang gawa. **13** Ako ang Alpha at ang Omega,
at ang una at ang huli, ang pasimula at ang wakas. **14**
Mapapalad ang nangaghuhugas ng kanilang damit, upang
sila'y magkaroon ng karapatan sa punong kahoy ng buhay,
at makapasok sa bayan sa pamamagitan ng mga pintuan.
**15** Nangasa labas ang mga aso, at ang mga manggagaway,
at ang mga mapakiapid, at ang mga mamamatay-tao, at ang
mga mapagsamba sa diosdiosan, at ang bawa't nagiibig
at gumagawa ng kasinungalingan. **16** Akong si Jesus ay
nagsugo ng aking anghel upang sa inyo'y magpatotoo ng
mga bagay na ito sa mga iglesia. Ako ang ugat at ang
supling ni David, ang maningning na tala sa umaga. **17** At
ang Espiritu at ang kasintahang babae ay nagsasabi, Halika.
At ang nakikinig ay magsabi, Halika. At ang nauuhaw, ay
pumarito: ang may ibig ay kumuhang walang bayad ng tubig
ng buhay. **18** Aking sinasaksihan sa bawa't taong nakikinig
sa mga salita ng hula ng aklat na ito, Kung ang sinoman ay
magdagdag sa mga ito, ay daragdagan siya ng Dios ng mga
salot na nakasulat sa aklat na ito: **19** At kung ang sinoman
ay magalis sa mga salita ng aklat ng hulang ito, ay aalisin ng
Dios ang kaniyang bahagi sa punong kahoy ng buhay, at
sa bayang banal, na nangakasulat sa aklat na ito. **20** Ang
sumasaksi sa mga bagay na ito ay nagsasabi, Oo: ako'y
madaling pumaparito. Siya nawa: pumarito ka Panginoong
Jesus. **21** Ang biyaya ng Panginoong Jesus ay mapasa mga
banal nawa. Siya nawa.




*At nakita ko ang bayang banal, ang bagong Jerusalem, na nananaog mula sa langit buhat sa Dios, na nahahandang gaya ng isang babaing kasintahan na nagagayakang talaga sa kaniyang asawa. At narinig ko ang isang malakas na tinig na mula sa luklukan, na nagsasabi, Narito, ang tabernakulo ng Dios ay nasa mga tao, at siya'y mananahan sa kanila, at sila'y magiging mga bayan niya, at ang Dios din ay sasa kanila, at magiging Dios nila:*

Pahayag 21:2-3

# Gabay sa mga Mambabasa

Tagalog at AionianBible.org/Readers-Guide

The Aionian Bible republishes public domain and Creative Common Bible texts that are 100% free to copy and print. The original translation is unaltered and notes are added to help your study. The notes show the location of eleven special Greek and Hebrew Aionian Glossary words to help us better understand God's love for individuals and for all mankind, and the nature of afterlife destinies.

Who has the authority to interpret the Bible and examine the underlying Hebrew and Greek words? That is a good question! We read in 1 John 2:27, *"As for you, the anointing which you received from him remains in you, and you do not need for anyone to teach you. But as his anointing teaches you concerning all things, and is true, and is no lie, and even as it taught you, you remain in him."* Every Christian is qualified to interpret the Bible! Now that does not mean we will all agree. Each of us is still growing in our understanding of the truth. However, it does mean that there is no infallible human or tradition to answer all our questions. Instead the Holy Spirit helps each of us to know the truth and grow closer to God and each other.

The Bible is a library with 66 books in the Protestant Canon. The best way to learn God's word is to read entire books. Read the book of Genesis. Read the book of John. Read the entire Bible library. Topical studies and cross-referencing can be good. However, the safest way to understand context and meaning is to read whole Bible books. Chapter and verse numbers were added for convenience in the 16th century, but unfortunately they can cause the Bible to seem like an encyclopedia. The Aionian Bible is formatted with simple verse numbering, minimal notes, and no cross-referencing in order to encourage the reading of Bible books.

Bible reading must also begin with prayer. Any Christian is qualified to interpret the Bible with God's help. However, this freedom is also a responsibility because without the Holy Spirit we cannot interpret accurately. We read in 1 Corinthians 2:13-14, *"And we speak of these things, not with words taught by human wisdom, but with those taught by the Spirit, comparing spiritual things with spiritual things. Now the natural person does not receive the things of the Spirit of God, for they are foolishness to him, and he cannot understand them, because they are spiritually discerned."* So we cannot understand in our natural self, but we can with God's help through prayer.

The Holy Spirit is the best writer and he uses literary devices such as introductions, conclusions, paragraphs, and metaphors. He also writes various genres including historical narrative, prose, and poetry. So Bible study must spiritually discern and understand literature. Pray, read, observe, interpret, and apply. Finally, *"Do your best to present yourself approved by God, a worker who does not need to be ashamed, properly handling the word of truth."* 2 Timothy 2:15. *"God has granted to us his precious and exceedingly great promises; that through these you may become partakers of the divine nature, having escaped from the corruption that is in the world by lust. Yes, and for this very cause adding on your part all diligence, in your faith supply moral excellence; and in moral excellence, knowledge; and in knowledge, self-control; and in self-control patience; and in patience godliness; and in godliness brotherly affection; and in brotherly affection, love. For if these things are yours and abound, they make you to be not idle nor unfruitful to the knowledge of our Lord Jesus Christ,"* 2 Peter 1:4-8.

# Glossary

Tagalog at AionianBible.org/Glossary

The Aionian Bible un-translates and instead transliterates eleven special words to help us better understand the extent of God's love for individuals and all mankind, and the nature of afterlife destinies. The original translation is unaltered and a note is added to 64 Old Testament and 200 New Testament verses. Compare the meanings below to the Strong's Concordance and Glossary definitions.

### ***Abyssos*** g12

*Greek:* proper noun, place
*Usage:* 9 times in 3 books, 6 chapters, and 9 verses
*Meaning:*

Temporary prison for special fallen angels such as Apollyon, the Beast, and Satan.

### ***aïdios*** g126

*Greek:* adjective
*Usage:* 2 times in Romans 1:20 and Jude 6
*Meaning:*

Lasting, enduring forever, eternal.

### ***aiōn*** g165

*Greek:* noun
*Usage:* 127 times in 22 books, 75 chapters, and 102 verses
*Meaning:*

A lifetime or time period with a beginning and end, an era, an age, the completion of which is beyond human perception, but known only to God the creator of the aiōns, Hebrews 1:2. Never meaning simple endless or infinite chronological time in Greek usage. Read Dr. Heleen Keizer and Ramelli and Konstan for proofs.

### ***aiōnios*** g166

*Greek:* adjective
*Usage:* 71 times in 19 books, 44 chapters, and 69 verses
*Meaning:*

From start to finish, pertaining to the age, lifetime, entirety, complete, or even consummate. Never meaning simple endless or infinite chronological time in Koine Greek usage. Read Dr. Heleen Keizer and Ramelli and Konstan for proofs.

### ***eleēsē*** g1653

*Greek:* verb, aorist tense, active voice, subjunctive mood, 3rd person singular
*Usage:* 1 time in this conjugation, Romans 11:32
*Meaning:*

To have pity on, to show mercy. Typically, the subjunctive mood indicates possiblity, not certainty. However, a subjunctive in a purpose clause is a resulting action as certain as the causal action. The subjunctive in a purpose clause functions as an indicative, not an optative. Thus, the grand conclusion of grace theology in Romans 11:32 must be clarified. God's mercy on all is not a possibility, but a certainty. See ntgreek.org.

***Geenna*** g1067
*Greek:* proper noun, place
*Usage:* 12 times in 4 books, 7 chapters, and 12 verses
*Meaning:*
Valley of Hinnom, Jerusalem's trash dump, a place of ruin, destruction, and judgment in this life, or the next, though not eternal to Jesus' audience.

***Hadēs*** g86
*Greek:* proper noun, place
*Usage:* 11 times in 5 books, 9 chapters, and 11 verses
*Meaning:*
Synonomous with Sheol, though in New Testament usage Hades is the temporal place of punishment for deceased unbelieving mankind, distinct from Paradise for deceased believers.

***Limnē Pyr*** g3041 g4442
*Greek:* proper noun, place
*Usage:* Phrase 5 times in the New Testament
*Meaning:*
Lake of Fire, final punishment for those not named in the Book of Life, prepared for the Devil and his angels, Matthew 25:41.

***Sheol*** h7585
*Hebrew:* proper noun, place
*Usage:* 66 times in 17 books, 50 chapters, and 64 verses
*Meaning:*
The grave or temporal afterlife world of both the righteous and unrighteous, believing and unbelieving, until the general resurrection.

***Tartaroō*** g5020
*Greek:* proper noun, place
*Usage:* 1 time in 2 Peter 2:4
*Meaning:*
Temporary prison for particular fallen angels awaiting final judgment.

# Glossary +

AionianBible.org/Bibles/Tagalog---Tagalog-Bible-1905/Noted

Glossary references are below. Strong's Hebrew and Greek number notes are added to 64 Old Testament and 200 New Testament verses. Questioned verse translations do not contain Aionian Glossary words and may wrongly imply *eternal* or *Hell*. * The note placement is skipped or adjusted for verses with non-standard numbering.

## *Abyssos*

Lucas 8:31
Mga Roma 10:7
Pahayag 9:1
Pahayag 9:2
Pahayag 9:11
Pahayag 11:7
Pahayag 17:8
Pahayag 20:1
Pahayag 20:3

## *aïdios*

Mga Roma 1:20
Judas 1:6

## *aiōn*

Mateo 12:32
Mateo 13:22
Mateo 13:39
Mateo 13:40
Mateo 13:49
Mateo 21:19
Mateo 24:3
Mateo 28:20
Marcos 3:29
Marcos 4:19
Marcos 10:30
Marcos 11:14
Lucas 1:33
Lucas 1:55
Lucas 1:70
Lucas 16:8
Lucas 18:30
Lucas 20:34
Lucas 20:35
Juan 4:14
Juan 6:51
Juan 6:58
Juan 8:35
Juan 8:51
Juan 8:52
Juan 9:32
Juan 10:28
Juan 11:26
Juan 12:34
Juan 13:8
Juan 14:16
Mga Gawa 3:21
Mga Gawa 15:18
Mga Roma 1:25
Mga Roma 9:5
Mga Roma 11:36
Mga Roma 12:2
Mga Roma 16:27
1 Mga Corinto 1:20
1 Mga Corinto 2:6
1 Mga Corinto 2:7
1 Mga Corinto 2:8
1 Mga Corinto 3:18
1 Mga Corinto 8:13
1 Mga Corinto 10:11
2 Mga Corinto 4:4
2 Mga Corinto 9:9
2 Mga Corinto 11:31
Mga Galacia 1:4
Mga Galacia 1:5
Mga Efeso 1:21
Mga Efeso 2:2
Mga Efeso 2:7
Mga Efeso 3:9
Mga Efeso 3:11
Mga Efeso 3:21
Mga Efeso 6:12
Mga Filipos 4:20
Mga Colosas 1:26
1 Timoteo 1:17
1 Timoteo 6:17
2 Timoteo 4:10
2 Timoteo 4:18
Tito 2:12
Mga Hebreo 1:2
Mga Hebreo 1:8
Mga Hebreo 5:6
Mga Hebreo 6:5
Mga Hebreo 6:20
Mga Hebreo 7:17
Mga Hebreo 7:21
Mga Hebreo 7:24
Mga Hebreo 7:28
Mga Hebreo 9:26
Mga Hebreo 11:3
Mga Hebreo 13:8
Mga Hebreo 13:21
1 Pedro 1:23
1 Pedro 1:25
1 Pedro 4:11
1 Pedro 5:11
2 Pedro 3:18
1 Juan 2:17
2 Juan 1:2
Judas 1:13
Judas 1:25
Pahayag 1:6
Pahayag 1:18
Pahayag 4:9
Pahayag 4:10
Pahayag 5:13
Pahayag 7:12
Pahayag 10:6
Pahayag 11:15
Pahayag 14:11
Pahayag 15:7
Pahayag 19:3
Pahayag 20:10
Pahayag 22:5

## *aiōnios*

Mateo 18:8
Mateo 19:16
Mateo 19:29
Mateo 25:41
Mateo 25:46
Marcos 3:29
Marcos 10:17
Marcos 10:30
Lucas 10:25
Lucas 16:9
Lucas 18:18
Lucas 18:30
Juan 3:15
Juan 3:16
Juan 3:36
Juan 4:14
Juan 4:36
Juan 5:24
Juan 5:39
Juan 6:27
Juan 6:40
Juan 6:47
Juan 6:54
Juan 6:68

Juan 10:28
Juan 12:25
Juan 12:50
Juan 17:2
Juan 17:3
Mga Gawa 13:46
Mga Gawa 13:48
Mga Roma 2:7
Mga Roma 5:21
Mga Roma 6:22
Mga Roma 6:23
Mga Roma 16:25
Mga Roma 16:26
2 Mga Corinto 4:17
2 Mga Corinto 4:18
2 Mga Corinto 5:1
Mga Galacia 6:8
2 Mga Tesalonica 1:9
2 Mga Tesalonica 2:16
1 Timoteo 1:16
1 Timoteo 6:12
1 Timoteo 6:16
2 Timoteo 1:9
2 Timoteo 2:10
Tito 1:2
Tito 3:7
Filemon 1:15
Mga Hebreo 5:9
Mga Hebreo 6:2
Mga Hebreo 9:12
Mga Hebreo 9:14
Mga Hebreo 9:15
Mga Hebreo 13:20
1 Pedro 5:10
2 Pedro 1:11
1 Juan 1:2
1 Juan 2:25
1 Juan 3:15
1 Juan 5:11
1 Juan 5:13
1 Juan 5:20
Judas 1:7
Judas 1:21
Pahayag 14:6

## *eleēsē*

Mga Roma 11:32

## *Geenna*

Mateo 5:22
Mateo 5:29
Mateo 5:30
Mateo 10:28
Mateo 18:9
Mateo 23:15
Mateo 23:33
Marcos 9:43
Marcos 9:45
Marcos 9:47
Lucas 12:5
Santiago 3:6

## *Hadēs*

Mateo 11:23
Mateo 16:18
Lucas 10:15
Lucas 16:23
Mga Gawa 2:27
Mga Gawa 2:31
1 Mga Corinto 15:55
Pahayag 1:18
Pahayag 6:8
Pahayag 20:13
Pahayag 20:14

## *Limnē Pyr*

Pahayag 19:20
Pahayag 20:10
Pahayag 20:14
Pahayag 20:15
Pahayag 21:8

## *Sheol*


Genesis 37:35
Genesis 42:38
Genesis 44:29
Genesis 44:31
Mga Bilang 16:30
Mga Bilang 16:33
Deuteronomio 32:22
1 Samuel 2:6
2 Samuel 22:6
1 Mga Hari 2:6
1 Mga Hari 2:9
Job 7:9
Job 11:8
Job 14:13
Job 17:13
Job 17:16
Job 21:13
Job 24:19
Job 26:6
Mga Awit 6:5
Mga Awit 9:17
Mga Awit 16:10
Mga Awit 18:5
Mga Awit 30:3
Mga Awit 31:17
Mga Awit 49:14
Mga Awit 49:15
Mga Awit 55:15
Mga Awit 86:13
Mga Awit 88:3
Mga Awit 89:48
Mga Awit 116:3
Mga Awit 139:8
Mga Awit 141:7
Mga Kawikaan 1:12
Mga Kawikaan 5:5
Mga Kawikaan 7:27
Mga Kawikaan 9:18
Mga Kawikaan 15:11
Mga Kawikaan 15:24
Mga Kawikaan 23:14
Mga Kawikaan 27:20
Mga Kawikaan 30:16
Mangangaral 9:10
Awit ng mga Awit 8:6
Isaias 5:14
Isaias 7:11
Isaias 14:9
Isaias 14:11
Isaias 14:15
Isaias 28:15
Isaias 28:18
Isaias 38:10
Isaias 38:18
Isaias 57:9
Ezekiel 31:15
Ezekiel 31:16
Ezekiel 31:17
Ezekiel 32:21
Ezekiel 32:27
Hosea 13:14
Amos 9:2
Jonas 2:2
Habacuc 2:5

## *Tartaroō*


2 Pedro 2:4

## *Questioned*


None yet noted




*Sa pananampalataya si Abraham, nang tawagin, ay tumalima upang pumaroon sa isang dakong kaniyang tatanggaping mana; at siya'y yumaon na di nalalaman kung saan siya paroroon.* - Mga Hebreo 11:8




*At nangyari, nang tulutan ni Faraon na ang bayan ay yumaon, na hindi sila pinatnubayan ng Dios sa daang patungo sa lupain ng mga Filisteo, bagaman malapit; sapagka't sinabi ng Dios, Baka sakaling ang bayan ay magsisi pagkakita ng pagbabaka, at magsipagbalik sa Egipto:* - Exodo 13:17




*Sapagka't ang Anak ng tao rin naman ay hindi naparito upang paglingkuran, kundi upang maglingkod, at ibigay ang kaniyang buhay na pangtubos sa marami.* - Marcos 10:45




*Si Pablo na alipin ni Jesucristo, na tinawag na maging apostol, ibinukod sa evangelio ng Dios,* - Mga Roma 1:1

## Creation 4004 B.C.

| | |
|---|---|
| Adam and Eve created | 4004 |
| Tubal-cain forges metal | 3300 |
| Enoch walks with God | 3017 |
| Methuselah dies at age 969 | 2349 |
| God floods the Earth | 2349 |
| Tower of Babel thwarted | 2247 |
| Abraham sojourns to Canaan | 1922 |
| Jacob moves to Egypt | 1706 |
| Moses leads Exodus from Egypt | 1491 |
| Gideon judges Israel | 1245 |
| Ruth embraces the God of Israel | 1168 |
| David installed as King | 1055 |
| King Solomon builds the Temple | 1018 |
| Elijah defeats Baal's prophets | 896 |
| Jonah preaches to Nineveh | 800 |
| Assyrians conquer Israelites | 721 |
| King Josiah reforms Judah | 630 |
| Babylonians capture Judah | 605 |
| Persians conquer Babylonians | 539 |
| Cyrus frees Jews, rebuilds Temple | 537 |
| Nehemiah rebuilds the wall | 454 |
| Malachi prophecies the Messiah | 416 |
| Greeks conquer Persians | 331 |
| Seleucids conquer Greeks | 312 |
| Hebrew Bible translated to Greek | 250 |
| Maccabees defeat Seleucids | 165 |
| Romans subject Judea | 63 |
| Herod the Great rules Judea | 37 |

(The Annals of the World, James Uusher)

## Jesus Christ born 4 B.C.

## New Heavens and Earth

| | |
|---|---|
| | Christ returns for his people |
| 1956 | Jim Elliot martyrd in Ecuador |
| 1830 | John Williams reaches Polynesia |
| 1731 | Zinzendorf leads Moravian mission |
| 1614 | Japanese kill 40,000 Christians |
| 1572 | Jesuits reach Mexico |
| 1517 | Martin Luther leads Reformation |
| 1455 | Gutenberg prints first Bible |
| 1323 | Franciscans reach Sumatra |
| 1276 | Ramon Llull trains missionaries |
| 1100 | Crusades tarnish the church |
| 1054 | The Great Schism |
| 997 | Adalbert marytyrd in Prussia |
| 864 | Bulgarian Prince Boris converts |
| 716 | Boniface reaches Germany |
| 635 | Alopen reaches China |
| 569 | Longinus reaches Alodia / Sudan |
| 432 | Saint Patrick reaches Ireland |
| 397 | Carthage ratifies Bible Canon |
| 341 | Ulfilas reaches Goth / Romania |
| 325 | Niceae proclaims God is Trinity |
| 250 | Denis reaches Paris, France |
| 197 | Tertullian writes Christian literature |
| 70 | Titus destroys the Jewish Temple |
| 61 | Paul imprisoned in Rome, Italy |
| 52 | Thomas reaches Malabar, India |
| 39 | Peter reaches Gentile Cornelius |
| 33 | Holy Spirit empowers the Church |

(Wikipedia, Timeline of Christian missions)

## Resurrected 33 A.D.

<table>
<tr><td colspan="3">What are we?</td><td colspan="2">Genesis 1:26 - 2:3</td><td colspan="5">Mankind is created in God’s image, male and female He created us</td></tr>
<tr><td colspan="3">How are we sinful?</td><td colspan="2">Romans 5:12-19</td><td colspan="5">Sin entered the world through Adam and then death through sin</td></tr>
<tr><td colspan="3" rowspan="3">Where are we?</td><td colspan="7">When are we?</td></tr>
<tr><td colspan="2">Innocence</td><td colspan="4">Fallen</td><td>Glory</td></tr>
<tr><td>Eternity Past</td><td>Creation 4004 B.C.</td><td>Fall to sin No Law</td><td>Moses’ Law 1500 B.C.</td><td>Christ 33 A.D.</td><td>Church Age Kingdom Age</td><td>New Heavens and Earth</td></tr>
<tr><td rowspan="12">Who are we?</td><td rowspan="3">God</td><td>Father</td><td rowspan="3">John 10:30<br><br>God’s perfect fellowship</td><td rowspan="7">Genesis 1:31<br><br>God’s perfect fellowship with Adam in The Garden of Eden</td><td colspan="4">1 Timothy 6:16<br>Living in unapproachable light</td><td rowspan="7">Acts 3:21<br>Philippians 2:11<br>Revelation 20:3<br><br>God’s perfectly restored fellowship with all Mankind praising Christ as Lord in the Holy City</td></tr>
<tr><td>Son</td><td colspan="2">John 8:58<br>Pre-incarnate</td><td>John 1:14<br>Incarnate</td><td>Luke 23:43<br>Paradise</td></tr>
<tr><td>Holy Spirit</td><td colspan="2">Psalm 139:7<br>Everywhere</td><td colspan="2">John 14:17<br>Living in believers</td></tr>
<tr><td rowspan="3">Mankind</td><td>Living</td><td rowspan="9">Genesis 1:1<br><br>No Creation<br>No people</td><td colspan="4">Ephesians 2:1-5<br>Serving the Savior or Satan on Earth</td></tr>
<tr><td>Deceased believing</td><td colspan="4">Luke 16:22<br>Blessed in Paradise</td></tr>
<tr><td>Deceased unbelieving</td><td colspan="4">Luke 16:23, Revelation 20:5,13<br>Punished in Hades until the final judgment</td></tr>
<tr><td rowspan="6">Angels</td><td>Holy</td><td colspan="4">Hebrews 1:14<br>Serving mankind at God’s command</td></tr>
<tr><td>Imprisoned</td><td rowspan="5">Genesis 1:31<br><br>No Fall<br>No unholy Angels</td><td colspan="4">2 Peter 2:4, Jude 6<br>Imprisoned in Tartarus</td><td rowspan="5">Matthew 25:41<br>Revelation 20:10<br><br>Lake of Fire prepared for the Devil and his Angels</td></tr>
<tr><td>Fugitive</td><td colspan="3" rowspan="4">1 Peter 5:8, Revelation 12:10<br><br>Rebelling against Christ<br>Accusing mankind</td><td>Revelation 20:13<br>Thalaasa</td></tr>
<tr><td>First Beast</td><td rowspan="2">Revelation 19:20<br>Lake of Fire</td></tr>
<tr><td>False Prophet</td></tr>
<tr><td>Satan</td><td>Revelation 20:2<br>Abyss</td></tr>
<tr><td colspan="3">Why are we?</td><td colspan="2">Romans 11:25-36, Ephesian 2:7</td><td colspan="5">For God has bound all over to disobedience in order to show mercy to all</td></tr>
</table>

# Itinalaga

Tagalog at AionianBible.org/Destiny

The Aionian Bible shows the location of eleven special Greek and Hebrew Aionian Glossary words to help us better understand God's love for individuals and for all mankind, and the nature of after-life destinies. The underlying Hebrew and Greek words typically translated as *Hell* show us that there are not just two after-life destinies, Heaven or Hell. Instead, there are a number of different locations, each with different purposes, different durations, and different inhabitants. Locations include 1) Old Testament *Sheol* and New Testament *Hadēs*, 2) *Geenna*, 3) *Tartaroō*, 4) *Abyssos*, 5) *Limnē Pyr*, 6) *Paradise*, 7) *The New Heaven*, and 8) *The New Earth*. So there is reason to review our conclusions about the destinies of redeemed mankind and fallen angels.

The key observation is that fallen angels will be present at the final judgment, 2 Peter 2:4 and Jude 6. Traditionally, we understand the separation of the Sheep and the Goats at the final judgment to divide believing from unbelieving mankind, Matthew 25:31-46 and Revelation 20:11-15. However, the presence of fallen angels alternatively suggests that Jesus is separating redeemed mankind from the fallen angels. We do know that Jesus is the helper of mankind and not the helper of the Devil, Hebrews 2. We also know that Jesus has atoned for the sins of all mankind, both believer and unbeliever alike, 1 John 2:1-2. Deceased believers are rewarded in Paradise, Luke 23:43, while unbelievers are punished in Hades as the story of Lazarus makes plain, Luke 16:19-31. Yet less commonly known, the punishment of this selfish man and all unbelievers is before the final judgment, is temporal, and is punctuated when Hades is evacuated, Revelation 20:13. So is there hope beyond Hades for unbelieving mankind? Jesus promised, *"the gates of Hades will not prevail,"* Matthew 16:18. Paul asks, *"Hades where is your victory?"* 1 Corinthians 15:55. John wrote, *"Hades gives up,"* Revelation 20:13.

Jesus comforts us saying, *"Do not be afraid,"* because he holds the keys to *unlock* death and Hades, Revelation 1:18. Yet too often our *Good News* sounds like a warning to *"be afraid"* because Jesus holds the keys to *lock* Hades! Wow, we have it backwards! Hades will be evacuated! And to guarrantee hope, once emptied, Hades is thrown into the Lake of Fire, never needed again, Revelation 20:14.

Finally, we read that anyone whose name is not written in the Book of Life is thrown into the Lake of Fire, the second death, with no exit ever mentioned or promised, Revelation 21:1-8. So are those evacuated from Hades then, *"out of the frying pan, into the fire?"* Certainly, the Lake of Fire is the destiny of the Goats. But, do not be afraid. Instead, read the Bible's explicit mention of the purpose of the Lake of Fire and the identity of the Goats, *"Then he will say also to those on the left hand, 'Depart from me, you cursed, into the consummate fire which is prepared for... the devil and his angels,'"* Matthew 25:41. Bad news for the Devil. Good news for all mankind!

Faith is not a pen to write your own name in the Book of Life. Instead, faith is the glasses to see that the love of Christ for all mankind has already written our names in Heaven. Jesus said, *"You did not choose me, but I chose you," John 15:16*. Though unbelievers will suffer regrettable punishment in Hades, redeemed mankind will never enter the Lake of Fire, prepared for the devil and his angels. And as God promised, all mankind will worship Christ together forever, Philippians 2:9-11.




*Dahil dito magsiyaon nga kayo, at gawin ninyong mga alagad ang lahat ng mga bansa, na sila'y inyong bautismuhan sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo:*

- Mateo 28:19